170 MGA PRINSIPYO NG PAGSASAGAWA NG KATOTOHANAN

ANG IGLESIA NG MAKAPANGYARIHANG DIYOS

Ang nilalaman ng aklat na ito ay isinalin nang buo ng mga propesyonal na tagasalin. Gayunpaman, dahil sa mga pagkakaiba sa wika o iba pang mga kadahilanan, hindi maiiwasang magkaroon ng kaunting kamalian. Kung may matuklasan kayong gayong kamalian, mangyaring sumangguni sa orihinal na teksto sa wikang Chinese. Mangyaring huwag ding mag-atubiling kontakin kami, upang mai-update ang aklat kapag muli itong inilathala.

Panimula

Talaan ng mga Nilalaman

I. Tungkol sa Mga Prinsipyo ng Paniniwala sa Diyos

1. Ang mga Prinsipyo ng Paniniwala sa Diyos
2. Ang mga Prinsipyo ng Pagkain at Pag-inom ng mga Salita ng Diyos
3. Ang mga Prinsipyo ng Pagbubulay-bulay sa mga Salita ng Diyos
4. Ang mga Prinsipyo ng Pagtuturing sa mga Salita ng Diyos
5. Ang mga Prinsipyo ng Pagkakilala sa mga Salita ng Diyos
6. Ang mga Prinsipyo ng Pakikipagniig sa Diyos
7. Ang mga Prinsipyo ng Pananalangin at Pagsusumamo sa Diyos
8. Ang mga Prinsipyo ng Pananalangin sa Diyos at Pagsamba sa Kanya
9. Ang mga Prinsipyo ng Pagsasagawa ng Pang-araw-araw na mga Debosyon
10. Ang mga Prinsipyo ng Pananahimik sa Harapan ng Diyos
11. Ang mga Prinsipyo ng Pamumuhay sa Harapan ng Diyos
12. Ang mga Prinsipyo ng Pagpapatunay na Gumagawa ang Banal na Espiritu
13. Ang mga Prinsipyo ng Pagtatamo ng Gawain ng Banal na Espiritu
14. Ang mga Prinsipyo ng Pagtanggap sa Masusing Pagsisiyasat ng Diyos
15. Ang mga Prinsipyo ng Panunumpa ng mga Panata sa Diyos
16. Ang mga Prinsipyo ng Pagpupuri sa Diyos bilang Dakila
17. Ang mga Prinsipyo ng Pagkakaroon ng takot sa Diyos at Paglayo sa Kasamaan
18. Ang mga Prinsipyo ng Pagtitiwala sa Diyos at Mataas na Pagtingin sa Kanya
19. Ang mga Prinsipyo sa Pag-iingat ng isang Normal na Kaugnayan sa Diyos
20. Ang mga Prinsipyong Dapat Sundin sa Pagpasok sa Buhay
21. Ang mga Prinsipyo ng Pagdanas ng Gawain ng Diyos
22. Ang mga Prinsipyo ng Paghahanap sa Katotohanan
23. Ang mga Prinsipyo ng Paghahangad na Maintindihan ang Kalooban ng Diyos

24. Ang mga Prinsipyo ng Paghahanap sa Katotohanan
25. Ang mga Prinsipyo ng Pagsasagawa sa Katotohanan
26. Ang mga Prinsipyo ng Pagpasok sa Realidad ng mga Salita ng Diyos
27. Ang mga Prinsipyo ng Pagsasabuhay ng mga Salita ng Diyos
28. Ang mga Prinsipyo ng Pagtanggap sa Paghatol at Pagkastigo ng mga Salita ng Diyos
29. Ang mga Prinsipyo ng Pagtanggap sa Pagtatabas at Pagkaharap
30. Ang mga Prinsipyo sa Pagdaan sa mga Pagsubok at Pagdadalisay
31. Ang mga Prinsipyo ng Pagdaan sa Pag-uusig at Matitinding Pagtitiis
32. Ang mga Prinsipyo ng Pagtatagumpay Laban sa mga Tukso ni Satanas
33. Ang mga Prinsipyo ng Pagtatakwil sa Malaking Pulang Dragon
34. Ang mga Prinsipyo upang Makawala sa Impluwensiya ni Satanas
35. Ang mga Prinsipyo ng Pagtataglay ng Tunay na Pananampalataya
36. Ang mga Prinsipyo ng Pagsunod Kay Cristo
37. Ang mga Prinsipyo ng Paninindigan sa Patotoo ng Isang Tao
38. Ang mga Prinsipyo ng Pagpili ng Landas sa Pananampalataya ng Isang Tao
39. Ang mga Prinsipyo ng Paglakad sa Landas ni Pedro
40. Ang mga Prinsipyo sa Pagtatamo ng Pagliligtas ng Diyos
41. Ang mga Prinsipyo ng Pagtatamo ng Pagka-ayon sa Diyos
42. Ang mga Prinsipyo ng Pagpeperpekto ng Diyos sa Tao
43. Ang mga Prinsipyo ng Paghahangad na Gawing Perpekto
II. Tungkol sa mga Prinsipyo ng Pagkilala sa Sarili
44. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa Sarili sa Pamamagitan ng Pagninilay-nilay sa Sarili
45. Ang mga Prinsipyo ng Pagninilay-nilay sa mga Paglabag
46. Ang mga Prinsipyo ng Pagninilay-nilay Kung Nagbago Na ang Disposisyon ng Isang Tao
47. Ang mga Prinsipyo ng Totoong Pagkakilala sa Sarili
48. Ang mga Prinsipyo ng Taos na Pagsisisi
49. Ang mga Prinsipyo ng Pagtanggi sa Sarili at Pagtalikod sa Laman
50. Ang mga Prinsipyo ng Pagtalikod sa Sarili
51. Ang mga Prinsipyo ng Pagharap sa mga Kabiguan at Pagbagsak ng Isang Tao

52. Ang mga Prinsipyo ng Wastong Pagtrato sa Sarili
53. Ang mga Prinsipyo ng Pagtutuwid sa Kayabangan at Kapalaluan
54. Ang mga Prinsipyo ng Paglutas sa Pagiging Negatibo
55. Ang mga Prinsipyo ng Pagsawata sa mga Kalokohan
56. Ang mga Prinsipyo ng Pagtutuwid sa mga Kuru-kuro at Imahinasyon
57. Ang mga Prinsipyo ng Pagtutuwid sa Pagdedepensa ng Sarili Laban sa Diyos at sa mga Maling Pagkaunawa sa Kanya
III. Tungkol sa Mga Prinsipyo ng Buhay-Iglesia
58. Ang Mga Prinsipyo ng Pamumuhay ng Buhay-Iglesia
59. Ang Mga Prinsipyo ng Pagtitipon-tipon Upang Magbahagi Tungkol sa mga Salita ng Diyos
60. Ang Mga Prinsipyo ng Pagbabahagi Tungkol sa Katotohanang Salita ng Diyos
61. Mga Prinsipyo ng Pagtatatag ng Isang Iglesia
62. Ang Mga Prinsipyo ng Mga Halalan sa Iglesia
63. Ang Mga Prinsipyo ng Paghahalal sa Mga Lider at Manggagawa
64. Ang Mga Prinsipyo ng Pagpapatalsik sa Puwesto ng Mga Lider at Manggagawa
65. Ang Mga Prinsipyo ng Pag-ako sa Responsibilidad at Pagbibitiw sa Puwesto
66. Ang Mga Prinsipyo ng Muling-Pagsasaayos sa Mga Lider at Manggagawa
67. Ang Mga Prinsipyo ng Pagpapabalik sa Mga Lider at Manggagawa
68. Ang Mga Prinsipyo ng Paglinang at Pagkasangkapan sa Mga Tao
69. Ang Mga Prinsipyo ng Paghihiwalay ng Iglesia sa Mga Grupong A at B
70. Ang Mga Prinsipyo ng Pagtanggap sa Mga Tao sa Isang Iglesia
71. Ang Mga Prinsipyo ng Pagbubukod sa Mga Tao sa Isang Iglesia
72. Ang Mga Prinsipyo ng Paglilinis sa Iglesia
73. Ang Mga Prinsipyo ng Pagtitiwalag sa Iglesia
IV. Tungkol sa Mga Prinsipyo sa Pagganap ng Tao sa Kanyang Tungkulin
74. Ang Mga Prinsipyo sa Pagharap sa Tungkulin ng Isang Tao
75. Ang Mga Prinsipyo sa Pagkumpirma sa Posisyon ng Isang Tao
76. Ang Mga Prinsipyo sa Paggugol ng Sarili para sa Diyos
77. Ang Mga Prinsipyo sa Pagsasanggalang sa Gawain ng Bahay ng Diyos
78. Ang Mga Prinsipyo sa Paggawa nang Maayos sa Tungkulin ng Isang Tao
79. Ang Mga Prinsipyo sa Pagiging Dedikado sa Diyos

80. Ang Mga Prinsipyo sa Pagsusuri ng mga Potensyal na Pakay para sa Ebanghelyo
81. Ang Mga Prinsipyo sa Pagpapalaganap ng Ebanghelyo at Pagpapatotoo sa Diyos
82. Ang Mga Prinsipyo sa Pagdidilig sa Mga Bagong Dating
83. Ang Mga Prinsipyo sa Pagpapatuloy sa Mga Hinirang na mga Tao ng Diyos
84. Ang Mga Prinsipyo sa Paghahanda ng Mabubuting Gawa
85. Ang Mga Prinsipyo sa Paghahandog ng mga Donasyon at Limos
86. Ang Mga Prinsipyo sa Kung Paano Hawakan ang Mga Handog sa Diyos
87. Ang Mga Prinspiyo sa Pakikipag-tulungan sa Gawain ng Mga Lider
88. Ang Mga Prinsipyo sa Paglilingkod sa Diyos
89. Ang Mga Prinsipyo sa Pakikipag-ugnayan sa Paglilingkod
90. Ang Mga Prinsipyo sa Pagiging Isang Lider ng Iglesia
91. Ang Mga Prinsipyo sa Pagiging Isang Diakono ng Iglesia
92. Ang Mga Prinsipyo sa Pagiging Isang Mangangaral
93. Ang Mga Prinsipyo sa Pagdidilig at Paglalaan
94. Ang Mga Prinsipyo sa Paggamit ng Katotohanan upang Lumutas ng mga Problema
95. Ang Mga Prinsipyo sa Pagdadala sa Mga Tao sa Harap ng Diyos
96. Ang Mga Prinsipyo sa Pagpupuri at Pagpapatotoo sa Diyos
97. Ang Mga Prinsipyo sa Pagpapalaganap at Pagpapatotoo sa Mga Salita ng Diyos
V. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa Bawat Uri ng Tao, Pangyayari, at Bagay
98. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala Kung ang Tao ay Nagtataglay ng Gawain ng Banal na Espiritu
99. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa mga Kasulatan at mga Doktrina
100. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala Kung Nagtataglay ng Katotohanang Realidad ang Tao
101. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala Kung May Kakayahan ang Tao
102. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala Kung Nauunawaan ng Tao ang mga Usaping Espirituwal
103. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala ng Trigo mula sa Mapanirang Damo

104. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa Pagitan ng Positibo at Negatibong mga Bagay
105. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa Pagitan ng Paghahangad sa Katotohanan at Nakakalitong Paniniwala
106. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa Pagitan ng Pagganap ng Tungkulin at Pagbibigay ng Paglilingkod
107. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa Pagitan ng Pagsasagawa ng Katotohanan at Mabuting Asal
108. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa Pagitan ng Normal na Pagkatao at sa Tiwaling Disposisyon
109. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala Sa Pagitan ng Pagsunod sa Diyos at Pagsunod sa mga Tao
110. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa Pagitan ng Tunay at Huwad na mga Iglesia
111. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa Maling Pananampalataya at Kabulaanan
112. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa Malaking Pulang Dragon at kay Satanas
113. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa Iba't Ibang Masasamang Espiritu
114. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa Masasamang Espiritu na Nanlilinlang sa Tao
115. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa mga Di-Mananampalataya
116. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa Iba't Ibang Masasamang Tao
117. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala ng mga Huwad na Pinuno at mga Manggagawa
118. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa mga Demonyong Anticristo
119. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa mga Pariseo
120. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa Kalikasang Diwa ng Tao
VI. Ang mga Prinsipyo ng Pagsasabuhay ng Normal na Pagkatao
121. Ang mga Prinsipyo ng Pagsasabuhay ng Normal na Pagkatao
122. Ang mga Prinsipyo ng Pagiging Matapat na Tao
123. Ang Mga Prinsipyo ng Pagkilos nang Matalino sa Pananampalataya sa Diyos
124. Ang Mga Prinsipyo ng Pakikipag-ugnay sa Iba
125. Ang mga Prinsipyo ng Pagbukas ng Puso sa Iba

126. Ang Mga Prinsipyo ng Pag-ibig sa Pagitan ng magkakapatid
127. Ang Mga Prinsipyo ng Pagtulong sa Iba nang may Pagmmahal
128. Ang mga Prinsipyo kung Paano Magagamot ang mga Kapatid
129. Ang Mga Prinsipyo ng Pagbabago at Paghingi ng Paumanhin sa Iba
130. Ang Mga Prinsipyo ng Pakikipag-ugnay sa kabilang Kasarian
VII. Ang mga Prinsipyo ng Patas na Pakikitungo sa Iba
131. Ang mga Prinsipyo ng Patas na Pakikitungo sa Iba
132. Ang mga Prinsipyo ng Pakikitungo sa Iba Ayon sa Kanilang mga Diwa
133. Ang mga Prinsipyo ng Pakikitungo sa mga Kapatid na Bago sa Pananampalataya
134. Ang mga Prinsipyo ng Pakikitungo sa mga Taong Umiibig sa Katotohanan
135. Ang mga Prinsipyo ng Pakikitungo sa mga Taong may Iba't-ibang Mapagmataas na Disposisyon
136. Ang mga Prinsipyo ng Pakikitungo sa mga Taong Nalantad at Inalis
137. Ang mga Prinsipyo ng Pakikitungo sa mga Pinuno at Mga Manggagawa
138. Ang mga Prinsipyo ng Pakikitungo sa mga Pinuno at mga Manggagawa na Nakagawa ng mga Paglabag
139. Ang mga Prinsipyo ng Pakikitungo sa mga Huwad na Pinuno at mga Huwad na Manggagawa
140. Ang mga Prinsipyo ng Pakikitungo sa mga Kilalang Taong Panrelihiyon
VIII. Ang mga Prinsipyo Kung Paano Pakitunguhan ang Bawat Uri ng Tao, Pangyayari, at Bagay
141. Ang mga Prinsipyo Kung Paano Pakikitunguhan ang Hinaharap at Kapalaran ng Isang Tao
142. Ang mga Prinsipyo Kung Paano Pakikitunguhan ang mga Natural at Gawang-Taong Sakuna
143. Ang mga Prinsipyo Kung Paano Haharapin ang Sakit
144. Ang mga Prinsipyo Kung Paano Haharapin ang Kamatayan
145. Ang mga Prinsipyo Kung Paano Pakikitunguhan ang Pag-ibig at Pagpapakasal
146. Ang mga Prinsipyo Kung Paano Titingnan ang Edukasyon ng mga Anak ng Isang Tao

147. Ang mga Prinsipyo kung Paano Pakikitunguhan ang mga Asawang Babae, Asawang Lalaki, at mga Anak
148. Ang mga Prinsipyo Kung Paano Pakikitunguhan ang mga Makamundong Hilig
149. Ang mga Prinsipyo Kung Paano Pakikitunguhan ang mga Kapistahan at mga Kaugaliang Panlipunan
150. Ang mga Prinsipyo Kung Paano Pakikitunguhan ang Tradisyunal na Kultura
151. Ang mga Prinsipyo Kung Paano Pakikitunguhan ang Praktikal na Kultura at Kaalaman
152. Ang mga Prinsipyo Kung Paano Pakikitunguhan ang Kaalaman at Siyensiya
153. Ang mga Prinsipyo Kung Paano Pakikitunguhan ang mga Teoryang Teolohikal ng Relihiyon
154. Ang mga Prinsipyo Kung Paano Pakikitunguhan ang mga Di-Mananampalataya
155. Ang mga Prinsipyo Kung Paano Pakikitunguhan ang Pamahalaang nasa Kapangyarihan
IX. Ang mga Prinsipyo ng Pagsunod at Pagkilala sa Diyos
156. Ang mga Prinsipyo ng Pagsunod sa Diyos
157. Ang mga Prinsipyo ng Pagpapasakop sa Gawain ng Banal na Espiritu
158. Ang mga Prinsipyo ng Pagpapasakop sa Katotohanang Salita ng Diyos
159. Ang mga Prinsipyo ng Pagpapasakop sa Pagsasaayos at mga Paglalagay sa Kawastuhan ng Diyos
160. Ang mga Prinsipyo ng Pagsunod sa mga Administratibong Atas at mga Utos ng Diyos
161. Ang mga Prinsipyo ng Pagsunod sa Taong Ginamit ng Banal na Espiritu
162. Ang mga Prinsipyo ng Pagsunod sa Iglesia
163. Ang mga Prinsipyo Kung Paano Pakikitunguhan ang Gawaing Pagsasaayos
164. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa Diyos
165. Ang mga Prinsipyo ng Pagliligtas ng Diyos sa Sangkatauhan Hangga’t Maaari
166. Ang mga Prinsipyo ng Pagtatamasa ng Biyaya ng Diyos
167. Ang mga Prinsipyo ng Pakikinig sa Kalooban ng Diyos
168. Ang mga Prinsipyo ng Pag-aaliw sa Puso ng Diyos
169. Ang mga Prinsipyo ng Tunay na Pag-ibig sa Diyos

170. Ang mga Prinsipyo ng Pagbibigay-Kaluguran sa Diyos
171. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa Pag-ibig ng Diyos
172. Ang mga Prinsipyo ng Pagganti sa Pag-ibig ng Diyos

Panimula

Sabi ng Makapangyarihang Diyos, "**Para sa kapakanan ng kapalaran ninyo, dapat ninyong hanapin ang pagsang-ayon ng Diyos. Ibig sabihin, yamang kinikilala ninyong kasapi kayo ng tahanan ng Diyos, sa gayon ay dapat kayong magdala ng kapayapaan ng isip sa Diyos at magbigay-lugod sa Kanya sa lahat ng bagay. Sa madaling salita, dapat kayong maging maprinsipyo sa mga kilos ninyo at sumunod sa katotohanang nasa mga iyon. Kung hindi mo ito maiintindihan, kamumuhian at tatanggihan ka ng Diyos at itatakwil ka ng bawat tao. Kapag nahulog ka sa gayong kalagayan, kung gayon ay hindi ka na mabibilang sa tahanan ng Diyos, na siya mismong kahulugan ng hindi pagsang-ayon ng Diyo**" ("Tatlong Paalaala" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao). Ipinapaliwanag ng seksyon na ito ng mga salita ng Diyos ang isang mahalagang katotohanan: Sa iyong paniniwala sa Diyos, kung nais mong aprubahan ka Niya, "**dapat kayong magdala ng kapayapaan ng isip sa Diyos at magbigay-lugod sa Kanya sa lahat ng bagay. Sa madaling salita, dapat kayong maging maprinsipyo sa mga kilos ninyo at sumunod sa katotohanang nasa mga iyon.**" Tanging ito ang pamantayan ng magawang ligtas at magawang perpekto sa iyong paniniwala sa Diyos.

Itinatala ng aklat na ito ang isang daan at pitumpung prinsipyo ng pagsasagawa ng katotohanan, at tinatalakay ang iba't ibang aspeto ng pagsasagawa ng katotohanan kapag naniniwala sa Diyos. Labis na makabubuti ang mga ito sa pagpasok sa buhay ng mga hinirang ng Diyos. Kung sa iyong karanasan sa buhay ay matutunan mong gamitin ang 170 prinsipyong ito, magiging madali sa iyo kung gayon ang pagsasagawa ng katotohanan. Karamihan sa mga prinsipyong ito ay maaaring buurin sa apat—hindi ganap na ganap, ngunit hangga't maisasagawa mo ang

katotohanan sa ganitong pamamaraan, maaari kang makarating sa kung saan kumikilos ka ayon sa prinsipyo. Habang lumalalim ang karanasan ng mga tao, makapupulot sila ng mga prinsipyo na mas kongkreto, tumpak, at perpekto pa; ito ang landas ng pagpasok sa katotohanang realidad.

I. Tungkol sa Mga Prinsipyo ng Paniniwala sa Diyos

1. Ang mga Prinsipyo ng Paniniwala sa Diyos

(1) Kinakailangan na maranasan at magpasakop sa gawain ng Diyos mula sa isang saligan ng pananampalataya na ang Diyos ang lumikha sa lahat ng bagay at Siyang makapangyarihan sa lahat. Saka lamang maaaring matamo ng isang tao ang kaligtasan;

(2) Kinakailangang ituring ang pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos bilang isang bagay na pangunahing mahalaga, at magpasakop sa paghatol at pagkastigo ng Diyos, sa mga pagsubok at pagdadalisay, at pagtatabas at pagsuweto, nang sa gayon madalisay mula sa katiwalian;

(3) Kinakailangan, sa pagdanas ng gawain ng Diyos, na tuparing mabuti ang tungkulin ng isang nilikhang nilalang, na makarating sa pagkaunawa ng katotohanan at pagpasok sa realidad, at magawang magpatotoo;

(4) Upang matamo ang kaligtasan at gawing perpekto, kinakailangang hanapin ang katotohanan at makuha ang pagperpekto ng gawain ng Banal na Espiritu. Saka lamang tunay na makapaglilingkod ang isang tao sa Diyos at makapagpapatotoo sa Kanya.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Bagama’t maraming taong naniniwala sa Diyos, kakaunti ang nakakaunawa kung ano ang kahulugan ng pananampalataya sa Diyos, at kung ano ang kailangan nilang gawin upang makaayon sa kalooban ng Diyos. Ito ay dahil, bagama’t pamilyar ang mga tao sa salitang “Diyos” at sa mga pariralang tulad ng “ang gawain ng Diyos,” hindi nila kilala ang Diyos,

at lalong hindi nila alam ang Kanyang gawain. Hindi nakapagtataka, kung gayon, na lahat ng hindi nakakakilala sa Diyos ay nalilito sa kanilang paniniwala sa Kanya. Hindi sineseryoso ng mga tao ang kanilang paniniwala sa Diyos, at ito ay dahil lamang sa masyado silang hindi pamilyar sa paniniwala sa Diyos, masyado itong kakaiba para sa kanila. Sa ganitong paraan, hindi sila makaabot sa mga hinihiling ng Diyos. Sa madaling salita, kung hindi kilala ng mga tao ang Diyos at hindi alam ang Kanyang gawain, hindi sila akmang kasangkapanin ng Diyos, at lalong hindi nila magagawang palugurin ang Kanyang kalooban. Ang "paniniwala sa Diyos" ay nangangahulugan ng paniniwala na mayroong Diyos; ito ang pinakasimpleng konsepto patungkol sa paniniwala sa Diyos. Bukod pa riyan, ang paniniwala na mayroong Diyos ay hindi kapareho ng tunay na paniniwala sa Diyos; sa halip, ito ay isang uri ng simpleng pananampalataya na may matitinding kahulugang pangrelihiyon. Ang ibig sabihin ng tunay na pananampalataya sa Diyos ay ang mga sumusunod: Batay sa paniniwala na ang Diyos ang may kapangyarihan sa lahat ng bagay, dinaranas ng isang tao ang Kanyang mga salita at Kanyang gawain, inaalis ang tiwaling disposisyon ng isang tao, pinalulugod ang kalooban ng Diyos, at nakikilala ang Diyos. Ganitong uri lamang ng paglalakbay sa buhay ang matatawag na "pananampalataya sa Diyos."

Hinango mula sa Paunang Salita sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang tunay na paniniwala sa Diyos ay hindi tungkol sa paniniwala sa Kanya para maligtas at lalo pang hindi tungkol sa pagiging mabuting tao. Hindi rin ito tungkol lamang sa paniniwala sa Diyos para magkaroon ng wangis ng tao. Sa katunayan, dapat makita ng mga tao na ang pananampalataya ay hindi lamang paniniwala na mayroong Diyos: hindi ito na dapat maniwala ka lamang na ang Diyos ang katotohanan, ang daan, ang buhay, at wala nang iba pa. Ni hindi ito para lang kilalanin mo ang Diyos at maniwala na ang Diyos ang Pinuno sa lahat ng bagay, na makapangyarihan ang Diyos, na nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay sa mundo, na natatangi at kataas-taasan ang Diyos. Hindi lang ito para

maniwala ka sa mga katunayang ito. Ang kalooban ng Diyos ay ang iyong buong pagkatao at ang puso mo ay dapat maibigay sa Diyos at magpasakop sa Diyos; iyon ay, dapat sinusunod mo ang Diyos, hinahayaang gamitin ka ng Diyos, maging masaya na magsilbi para sa Kanya, at dapat mong gawin ang anuman para sa Diyos. Hindi totoo na yaon lamang itinakda at hinirang ng Diyos ang dapat manalig sa Kanya. Ang totoo, buong sangkatauhan ay dapat sambahin ang Diyos, pakinggan Siya at sundin Siya, dahil ang sangkatauhan ay nilikha ng Diyos. Dito papasok ngayon ang isyu tungkol sa diwa. Kung sinasabi mo palaging, "Hindi ba nananalig tayo sa Diyos para magtamo ng buhay na walang hanggan? Hindi ba nananalig tayo sa Diyos para tayo maligtas?" na para bagang ang pananalig mo sa Diyos ay katulad ng kung anong bagay sa paligid, na nananalig lamang para may mapala, hindi ito ang pananaw na dapat mong taglayin sa pananalig mo sa Diyos.

Hinango mula sa "Tanging ang Paghahabol sa Katotohanan ang Tunay na Paniniwala sa Diyos" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ano ang tunay na paniniwala sa Diyos ngayon? Ito ay ang pagtanggap sa salita ng Diyos bilang buhay realidad at ang pagkilala sa Diyos mula sa Kanyang salita upang makamit ang tunay na pagmamahal sa Kanya. Upang maging malinaw: Ang paniniwala sa Diyos ay upang sumunod ka sa Diyos, mahalin ang Diyos, at gampanan ang tungkulin na dapat gampanan ng isang nilikha ng Diyos. Ito ang layunin ng paniniwala sa Diyos. Dapat mong kamtin ang isang pagkakilala sa pagiging kaibig-ibig ng Diyos, sa kung gaano karapat-dapat ang Diyos sa paggalang, sa kung paano, sa Kanyang mga nilikha, ginagawa ng Diyos ang gawain ng pagliligtas at ginagawa silang perpekto—ito ang mga pinakamahalagang dapat taglayin ng iyong paniniwala sa Diyos. Ang paniniwala sa Diyos sa pangunahin ay ang paglipat mula sa isang pamumuhay ng laman tungo sa isang buhay ng pagmamahal sa Diyos; mula sa pamumuhay na nakapaloob sa katiwalian tungo sa pamumuhay na nakapaloob sa buhay ng mga salita ng Diyos; ito ay paglabas mula sa ilalim ng sakop ni Satanas at pamumuhay sa ilalim ng

pangangalaga at pag-iingat ng Diyos, ito ay ang nakakayanang makamit ang pagkamasunurin sa Diyos at hindi ang pagkamasunurin sa laman, ito ay pagpapahintulot sa Diyos na makamit ang iyong buong puso, pagpapahintulot sa Diyos na gawin kang perpekto, at pagpapalaya sa iyong sarili mula sa tiwaling mala-satanas na disposisyon. Pangunahin ang paniniwala sa Diyos upang ang kapangyarihan at kaluwalhatian ng Diyos ay mangyaring mahayag sa iyo, nang sa gayon maaari mong gawin ang kalooban ng Diyos, at tuparin ang plano ng Diyos, at magawang patotohanan ang Diyos sa harap ni Satanas. Ang paniniwala sa Diyos ay hindi dapat umikot sa pagnanais na makita ang mga tanda at mga kababalaghan, o hindi ito dapat alang-alang sa iyong personal na laman. Tungkol ito dapat sa pagtataguyod sa pagkilala sa Diyos, at kakayahang sumunod sa Diyos, at, tulad ni Pedro, sumunod sa Kanya hanggang kamatayan. Ito ang mga pangunahing layunin ng paniniwala sa Diyos. Ang pagkain at pag-inom ng salita ng Diyos ay upang makilala ang Diyos at upang ikalugod Niya. Ang pagkain at pag-inom ng salita ng Diyos ay nagbibigay sa iyo ng higit na pagkakilala sa Diyos, at pagkaraan lamang nito makasusunod ka sa Diyos. Tanging kung may pagkakilala ka sa Diyos na magagawa mong ibigin Siya, at ito ang layuning dapat taglayin ng tao sa kanyang paniniwala sa Diyos. Kung, sa iyong paniniwala sa Diyos, palagi mong sinusubukang makita ang mga tanda at mga kababalaghan, mali kung gayon ang pananaw ng ganitong paniniwala sa Diyos. Ang paniniwala sa Diyos ay pangunahing pagtanggap sa mga salita ng Diyos bilang buhay realidad. Makakamit lamang ang layunin ng Diyos sa pagsasagawa ng mga salita ng Diyos mula sa Kanyang bibig at pagsasakatuparan ng mga iyon sa iyong sariling kalooban. Sa paniniwala sa Diyos, dapat magpunyagi ang tao na magawang perpekto ng Diyos, ang makayanang magpasakop sa Diyos, at para sa ganap na pagkamasunurin sa Diyos. Kung masusunod mo ang Diyos nang hindi dumaraing, isaisip ang mga ninanais ng Diyos, kamtin ang tayog ni Pedro, at taglayin ang pamamaraan ni Pedro na sinabi ng Diyos, diyan mo matatamo ang tagumpay sa paniniwala sa Diyos, at ito ang magpapahiwatig na nakamtan

ka na ng Diyos.

Hinango mula sa “Ang Lahat ay Nakakamit sa Pamamagitan ng Salita ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Dahil naniniwala ka sa Diyos, kailangan mong kainin at inumin ang Kanyang mga salita, danasin ang Kanyang mga salita, at isabuhay ang Kanyang mga salita. Ito lamang ang matatawag na paniniwala sa Diyos! Kung naniniwala ka sa Diyos sa salita subalit hindi mo naisasagawa ang anuman sa Kanyang mga salita o nakakagawa ng anumang realidad, hindi ito tinatawag na paniniwala sa Diyos. Sa halip, ito ay “paghahanap ng tinapay upang pawiin ang gutom.” Ang pagsasalita lamang ng mga walang-kuwentang patotoo, walang-silbing mga bagay, at paimbabaw na mga bagay, nang wala ni katiting na realidad: hindi bumubuo ang mga ito ng paniniwala sa Diyos, at talagang hindi mo naintindihan ang tamang paraan ng paniniwala sa Diyos. Bakit mo kailangang kainin at inumin ang mga salita ng Diyos hangga’t maaari? Kung hindi ka kumakain at umiinom ng Kanyang mga salita kundi naghahangad ka lamang na makaakyat sa langit, paniniwala ba iyon sa Diyos? Ano ang unang hakbang na dapat gawin ng isang naniniwala sa Diyos? Sa anong landas ginagawang perpekto ng Diyos ang tao? Maaari ka bang magawang perpekto nang hindi ka kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos? Maituturing ka bang isang tao ng kaharian kung hindi nagsisilbing iyong realidad ang mga salita ng Diyos? Ano ba talaga ang ibig sabihin ng paniniwala sa Diyos? Ang mga nananampalataya sa Diyos ay dapat man lamang kumilos nang maayos sa labas; ang pinakamahalaga sa lahat ay ang mag-angkin ng mga salita ng Diyos. Anuman ang mangyari, hindi ka maaaring tumalikod kailanman mula sa Kanyang mga salita. Ang pagkilala sa Diyos at pagtupad sa Kanyang mga layunin ay nakakamit na lahat sa pamamagitan ng Kanyang mga salita. Sa hinaharap, bawat bansa, denominasyon, relihiyon, at sektor ay malulupig sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos. Magsasalita nang tuwiran ang Diyos, at lahat ng tao ay hahawakan ang mga salita ng Diyos sa kanilang mga kamay, at sa pamamagitan nito,

magagawang perpekto ang sangkatauhan. Sa loob at sa labas, ang mga salita ng Diyos ay lumalaganap saanman: Sasambitin ng bibig ng sangkatauhan ang mga salita ng Diyos, magsasagawa alinsunod sa mga salita ng Diyos, at iingatan sa kalooban ang mga salita ng Diyos, na nananatiling babad sa mga salita ng Diyos kapwa sa kilos at kalooban. Sa ganito magagawang perpekto ang sangkatauhan. Yaong mga tumutupad sa mga layunin ng Diyos at nagagawang magpatotoo sa Kanya, ito ang mga taong nagtataglay ng mga salita ng Diyos bilang kanilang realidad.

Hinango mula sa "Ang Kapanahunan ng Kaharian ay ang Kapanahunan ng Salita" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ngayon, upang maniwala sa praktikal na Diyos, kailangan mong tumapak sa tamang landas. Kung naniniwala ka sa Diyos, hindi ka lamang dapat maghanap ng mga pagpapala, kundi mahalin ang Diyos at makilala ang Diyos. Sa pamamagitan ng Kanyang kaliwanagan at ng iyong sariling paghahanap, makakain at maiinom mo ang Kanyang salita, makabubuo ka ng isang tunay na pagkaunawa sa Diyos, at magkakaroon ka ng isang tunay na pag-ibig para sa Diyos na nanggagaling sa kaibuturan ng iyong puso. Sa madaling salita, kapag ang iyong pag-ibig para sa Diyos ay tunay na tunay, at walang sinumang makasisira o makahahadlang sa daan ng iyong pag-ibig para sa Kanya, ikaw kung gayon ay nasa tamang landas ng pananampalataya sa Diyos. Pinatutunayan nito na pag-aari ka ng Diyos, sapagka't ang puso mo ay naangkin na ng Diyos at sa gayon ay hindi ka na maaangkin ng iba pa. Sa pamamagitan ng iyong karanasan, ng iyong ibinayad na halaga, at ng gawain ng Diyos, nagagawang umusbong nang kusa ang pag-ibig mo para sa Diyos—at kapag nagkagayon, ikaw ay mapapalaya mula sa impluwensya ni Satanas at mabubuhay sa liwanag ng salita ng Diyos. Tanging kapag ikaw ay nakalaya na mula sa impluwensya ng kadiliman, saka lang masasabing nakamit mo na ang Diyos. Sa iyong paniniwala sa Diyos, dapat mong subukang abutin ang mithiing ito. Ito ang tungkulin ng bawat isa sa inyo. Wala sa inyong dapat masiyahan sa kasalukuyang kalagayan ng mga bagay-bagay. Hindi kayo maaaring

magdalawang-isip sa gawain ng Diyos o ituring ito na basta-basta lang. Dapat ninyong isipin ang Diyos sa lahat ng larangan at sa lahat ng panahon, at gawin ang lahat ng bagay para sa Kanyang kapakanan. At tuwing nagsasalita kayo o kumikilos, dapat ninyong unahin ang mga interes ng tahanan ng Diyos. Tanging sa ganitong paraan kayo magiging kaayon ng puso ng Diyos.

Hinango mula sa “Dapat Kang Mamuhay Para sa Katotohanan Yamang Naniniwala Ka sa Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang isang taong naglilingkod sa Diyos ay hindi lamang dapat malaman kung paano magdusa para sa Kanya; higit pa riyan, dapat niyang maunawaan na ang layunin ng paniniwala sa Diyos ay upang hangaring mahalin ang Diyos. Kinakasangkapan ka ng Diyos hindi lamang para pinuhin ka o para pagdusahin ka, kundi sa halip ay kinakasangkapan ka Niya upang malaman mo ang Kanyang mga kilos, malaman mo ang tunay na kabuluhan ng buhay ng tao, at lalo na, upang malaman mo na ang paglilingkod sa Diyos ay hindi madaling gawin. Ang pagdanas ng gawain ng Diyos ay hindi tungkol sa pagtatamasa ng biyaya, kundi sa halip ay tungkol sa pagdurusa para sa iyong pagmamahal sa Kanya. Yamang tinatamasa mo ang biyaya ng Diyos, kailangan mo ring matamasa ang Kanyang pagkastigo; kailangan mong maranasan ang lahat ng ito. Mararanasan mo ang kaliwanagan ng Diyos sa iyo, at mararanasan mo rin kung paano ka Niya pinakikitunguhan at hinahatulan. Sa ganitong paraan, ang iyong karanasan ay magiging malawak. Naisagawa ng Diyos ang Kanyang gawain ng paghatol at pagkastigo sa iyo. Napakitunguhan ka na ng salita ng Diyos, ngunit hindi lamang iyan; naliwanagan at natanglawan ka rin nito. Kapag ikaw ay negatibo at mahina, nag-aalala ang Diyos para sa iyo. Lahat ng gawaing ito ay upang ipaalam sa iyo na lahat ng tungkol sa tao ay nasa loob ng mga pagsasaayos ng Diyos. Maaari mong isipin na ang paniniwala sa Diyos ay tungkol sa pagdurusa, o paggawa ng lahat ng bagay para sa Kanya; maaari mong isipin na ang layunin ng paniniwala sa Diyos ay para mapayapa ang iyong laman, o upang maging maayos ang

lahat sa buhay mo, o upang maging komportable at magaan ang lahat sa iyo. Gayunman, wala sa mga ito ang mga layuning dapat iugnay ng mga tao sa kanilang paniniwala sa Diyos. Kung naniniwala ka dahil sa mga layuning ito, mali ang iyong pananaw, at imposible ka talagang magawang perpekto. Ang mga kilos ng Diyos, ang matuwid na disposisyon ng Diyos, ang Kanyang karunungan, Kanyang mga salita, at Kanyang pagiging kamangha-mangha at di-maarok ay pawang mga bagay na dapat maunawaan ng mga tao. Dahil sa pagkaunawang ito, dapat mong gamitin ito upang alisin sa puso mo ang lahat ng personal mong kahilingan, pag-asa, at pagkaintindi. Kapag inalis mo ang mga ito, saka mo lamang matutugunan ang mga kundisyong hinihiling ng Diyos, at sa pamamagitan lamang ng paggawa nito ka magkakaroon ng buhay at mapapalugod ang Diyos. Ang layunin ng paniniwala sa Diyos ay upang mapalugod Siya at maisabuhay ang disposisyon na Kanyang kinakailangan, upang maipamalas ang Kanyang mga kilos at kaluwalhatian sa pamamagitan ng grupong ito ng hindi karapat-dapat na mga tao. Ito ang tamang pananaw para sa paniniwala sa Diyos, at ito rin ang layuning dapat mong hangarin. Dapat ay mayroon kang tamang pananaw tungkol sa paniniwala sa Diyos at dapat mong hangaring matamo ang mga salita ng Diyos. Kailangan mong kainin at inumin ang mga salita ng Diyos at magawang isabuhay ang katotohanan, at lalo nang kailangan mong makita ang Kanyang praktikal na mga gawa, Kanyang kamangha-manghang mga gawa sa buong sansinukob, gayundin ang praktikal na gawaing Kanyang ginagawa sa katawang-tao. Maaaring pahalagahan ng mga tao, sa pamamagitan ng kanilang aktuwal na mga karanasan, kung paano talaga ginagawa ng Diyos ang Kanyang gawain sa kanila at kung ano ang Kanyang kalooban sa kanila. Ang layunin ng lahat ng ito ay upang alisin ang tiwali at napakasamang disposisyon ng mga tao. Dahil naiwaksi na ang lahat ng karumihan at kasamaan sa iyong kalooban, at naiwaksi na ang iyong mga maling layon, at nagkaroon ka na ng tunay na pananampalataya sa Diyos—sa pamamagitan lamang ng pagkakaroon ng tunay na pananampalataya mo maaaring tunay na mahalin ang Diyos. Maaari mo

lamang tunay na mahalin ang Diyos sa pundasyon ng iyong paniniwala sa Kanya. Magtatamo ka ba ng pagmamahal sa Diyos nang hindi ka naniniwala sa Kanya? Yamang naniniwala ka sa Diyos, hindi ka maaaring maguluhan tungkol dito. Napupuno ng lakas ang ilang tao sa sandaling makita nila na ang pananampalataya sa Diyos ay maghahatid sa kanila ng mga pagpapala, ngunit nawawala ang lahat ng sigla sa sandaling makita nila na kailangan nilang dumanas ng mga pagpipino. Iyan ba ang paniniwala sa Diyos? Sa huli, kailangan kang ganap at lubos na makasunod sa harap ng Diyos sa iyong pananampalataya. Naniniwala ka sa Diyos ngunit mayroon ka pa ring mga hinihiling sa Kanya, marami ka pa ring relihiyosong pagkaintindi na hindi mo mabitawan, mga personal na interes na hindi mo mapakawalan, at naghahangad ka pa rin ng mga pagpapala ng laman at nais mong sagipin ng Diyos ang iyong laman, na iligtas ang iyong kaluluwa—lahat ng ito ay mga pag-uugali ng mga tao na may maling pananaw. Kahit may pananampalataya sa Diyos ang mga taong may mga relihiyosong paniniwala, hindi sila naghahangad na baguhin ang kanilang disposisyon at hindi sila naghahangad ng kaalaman tungkol sa Diyos, kundi ang tanging hinahangad nila ay ang mga interes ng kanilang laman. Marami sa inyo ang may pananampalatayang nabibilang sa kategorya ng mga relihiyosong pananalig; hindi iyan tunay na pananampalataya sa Diyos. Upang maniwala sa Diyos, kailangang magkaroon ang mga tao ng isang pusong handang magdusa para sa Kanya at kahandaang isuko ang kanilang sarili. Hangga't hindi natutugunan ng mga tao ang dalawang kundisyong ito, walang bisa ang kanilang pananampalataya sa Diyos, at hindi nila mababago ang kanilang disposisyon. Ang mga tao lamang na tunay na naghahanap sa katotohanan, naghahangad ng kaalaman tungkol sa Diyos, at naghahangad ng buhay ang mga tunay na naniniwala sa Diyos.

Hinango mula sa "Yaong mga Gagawing Perpekto ay Kailangang Sumailalim sa Pagpipino" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Bakit ka naniniwala sa Diyos? Karamihan ng mga tao ay nalilito sa

tanong na ito. Palagi silang mayroong dalawang lubos na magkaibang pananaw tungkol sa praktikal na Diyos at sa Diyos na nasa langit, na nagpapakitang naniniwala sila sa Diyos hindi para sumunod sa Kanya, kundi para makatanggap ng ilang mga pakinabang, o para makatakas sa pagdurusa na dala ng sakuna; saka lamang sila medyo masunurin. May pasubali ang pagsunod nila; ito ay alang-alang sa mga pansarili nilang pag-asam, at ipinilit sa kanila. Kaya, bakit ka nga ba naniniwala sa Diyos? Kung dahil lamang ito sa kapakanan ng mga pag-asam mo at tadhana mo, mas makabubuti pang huwag ka na lamang maniwala. Ang ganitong paniniwala ay panlilinlang sa sarili, pagpapanatag sa sarili, at paghanga sa sarili. Kung hindi itinayo ang pananampalataya mo sa pundasyon ng pagsunod sa Diyos, parurusahan ka sa huli sa pagsalungat sa Kanya.

Hinango mula sa “Sa Pananampalataya Mo sa Diyos, Dapat Kang Sumunod sa Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Makalipas ang napakaraming taon, nakita Ko na ang maraming tao na naniniwala sa Diyos. Ano ang nabago ng kanilang paniniwala sa Diyos sa kanilang isipan? Naniniwala ang ilang tao sa Diyos na para bang wala Siyang halaga. Walang sagot ang mga taong ito sa mga tanong tungkol sa pag-iral ng Diyos, dahil hindi nila nadarama ni nararamdaman ang Kanyang presensya o pagkawala, lalo nang hindi nila nakikita nang malinaw o nauunawaan ito. Hindi nila namamalayan, iniisip ng mga taong ito na hindi umiiral ang Diyos. Naniniwala ang iba pa sa Diyos na para bang Siya ay isang tao. Iniisip ng mga taong ito na hindi Niya kayang gawin ang lahat ng bagay na hindi rin nila kayang gawin, at na dapat Siyang mag-isip kung paano sila mag-isip. Ang pakahulugan nila sa Diyos ay “isang taong hindi nakikita at hindi nahahawakan.” Mayroon ding isang grupo ng mga tao na naniniwala sa Diyos na para bang Siya ay isang tau-tauhan; naniniwala ang mga taong ito na walang damdamin ang Diyos. Iniisip nila na ang Diyos ay isang rebultong gawa sa luwad, at na kapag naharap sa isang isyu, ang Diyos ay walang saloobin, pananaw, o mga ideya; naniniwala sila na Siya ay minamanipula ng sangkatauhan. Naniniwala

lamang ang mga tao kung paano nila gustong maniwala. Kung ginagawa nila Siyang dakila, Siya ay dakila; kung ginagawa nila Siyang maliit, Siya ay maliit. Kapag nagkakasala ang mga tao at kailangan nila ang awa, pagpaparaya, at pagmamahal ng Diyos, ipinapalagay nila na dapat ipaabot ng Diyos ang Kanyang awa. Nag-iimbento ang mga taong ito ng isang "Diyos" sa sarili nilang isipan, at pagkatapos ay ginagawa ang "Diyos" na ito na tuparin ang kanilang mga kahilingan at palugurin ang lahat ng pagnanasa nila. Kailan man o saan man, at anuman ang ginagawa ng gayong mga tao, gagamitin nila ang kahibangang ito sa pagtrato nila sa Diyos at sa kanilang pananampalataya. Mayroon pa ngang mga tao, matapos galitin ang disposisyon ng Diyos, na naniniwala pa rin na maaari Niya silang iligtas, dahil ipinapalagay nila na ang pagmamahal ng Diyos ay walang hangganan at ang Kanyang disposisyon ay matuwid, at gaano man magkasala ang mga tao sa Diyos, hindi Niya aalalahanin ang anuman dito. Iniisip nila na yamang ang mga pagkakamali ng tao, mga pagkakasala ng tao, at mga pagsuway ng tao ay pansamantalang mga pagpapahayag ng disposisyon ng isang tao, bibigyan ng Diyos ng mga pagkakataon ang mga tao, at magpaparaya at magpapasensya sa kanila; naniniwala sila na mamahalin pa rin sila ng Diyos tulad ng dati. Sa gayon, nananatiling malaki ang kanilang pag-asa na magtamo ng kaligtasan. Sa katunayan, paano man naniniwala ang mga tao sa Diyos, basta't hindi nila sinisikap na matamo ang katotohanan, negatibo pa rin ang Kanyang saloobin sa kanila. Ito ay dahil habang sumasampalataya ka sa Diyos, bagama't nakuha at napahalagahan mo na ang aklat ng mga salita ng Diyos, at pinag-aaralan at binabasa mo ito araw-araw, isinasantabi mo ang tunay na Diyos. Itinuturing mo Siyang walang halaga, o isang tao lamang—at ang ilan sa inyo ay itinuturing Siyang isang tau-tauhan lamang. Bakit Ko ito sinasabi sa ganitong paraan? Ginagawa Ko iyon dahil ang tingin Ko rito, nahaharap ka man sa isang problema o sa isang sitwasyon, ang mga bagay na umiiral sa likod ng iyong isipan, ang mga bagay na nabubuo sa iyong kalooban, ay hindi kailanman nagkaroon ng anumang kaugnayan sa mga salita ng Diyos o sa pagsisikap na matamo ang katotohanan. Alam mo lamang kung ano

ang iniisip mo mismo, kung ano ang sarili mong pananaw, at pagkatapos ay ipinipilit mo ang sarili mong mga ideya at opinyon sa Diyos. Sa iyong isipan nagiging mga pananaw ng Diyos ang mga ito, at ginagawa mong mga pamantayan ang mga pananaw na ito na walang-sawa mong pinaninindigan. Sa paglipas ng panahon, ang pagpapatuloy nang ganito ay lalong maglalayo sa iyo sa Diyos.

Hinango mula sa "Paano Malalaman ang Disposisyon ng Diyos at ang mga Resultang Makakamtan ng Kanyang Gawain" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang pinakamalaking pagkakamali ng mga tao sa kanilang pananampalataya sa Diyos ay yaong sa salita lamang ang kanilang pananampalataya, at ang Diyos ay lubos na wala sa pang-araw-araw nilang buhay. Ang lahat nga ng tao ay naniniwala sa pag-iral ng Diyos, subali't ang Diyos ay hindi bahagi ng kanilang pang-araw-araw na mga buhay. Namumutawi sa bibig ng mga tao ang maraming panalangin sa Diyos, nguni't ang Diyos ay may maliit lamang na lugar sa kanilang puso, at dahil dito ay paulit-ulit silang sinusubok ng Diyos. Sa dahilang ang mga tao ay hindi dalisay kung kaya't ang Diyos ay walang mapagpipilian kundi subukin sila, upang mapahiya sila at makilala ang kanilang mga sarili sa gitna ng mga pagsubok na ito. Kung hindi, ang sangkatauhan ay magiging mga inapo ng arkanghel, at lalo't lalong magiging tiwali. Sa proseso ng kanilang pananampalataya sa Diyos, iwinawaksi ng bawat tao ang marami sa kanilang personal na motibo at mga layunin habang sila ay walang-humpay na nililinis ng Diyos. Kung hindi, walang magiging paraan ang Diyos upang magamit ang sinuman, at walang paraan na gawin sa tao ang gawaing dapat Niyang gawin. Nililinis muna ng Diyos ang mga tao, at sa prosesong ito, maaaring makilala ng mga tao ang kanilang sarili, at maaaring mabago sila ng Diyos. Pagkatapos lamang nito saka inilalakip ng Diyos ang Kanyang buhay sa kanila, at sa ganitong paraan lamang lubusang makababaling ang puso nila sa Diyos. At kaya sinasabi Ko, ang pananampalataya sa Diyos ay hindi kasingsimple ng sinasabi ng mga tao. Sa paningin ng Diyos, kung may kaalaman ka lamang nguni't wala ang

salita Niya bilang buhay, at kung limitado ka lamang sa iyong sariling kaalaman nguni't hindi kayang maisagawa ang katotohanan o maisabuhay ang salita ng Diyos, kung gayon ito ay patunay pa rin na wala kang pusong may pag-ibig para sa Diyos, at ipinakikita nito na ang iyong puso ay hindi pag-aari ng Diyos. Makikilala ng isang tao ang Diyos sa pamamagitan ng pananalig sa Kanya: ito ang panghuling mithiin at ang mithiin ng pagsisikap ng tao. Dapat kang magsikap na isabuhay ang mga salita ng Diyos upang ang mga ito ay magbunga sa iyong pagsasagawa. Kung mayroon ka lamang kaalaman tungkol sa doktrina, ang iyong pananampalataya sa Diyos ay mauuwi sa wala. Tanging kung iyo ring isinasagawa at isinasabuhay ang Kanyang salita saka lamang maituturing na ganap ang iyong pananampalataya at ayon sa kalooban ng Diyos.

Hinango mula sa "Dapat Kang Mamuhay Para sa Katotohanan Yamang Naniniwala Ka sa Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Naniniwala ka sa Diyos at sumusunod sa Kanya, kaya nga sa puso mo ay kailangan mong mahalin ang Diyos. Kailangan mong isantabi ang iyong tiwaling disposisyon, kailangan mong hangaring matupad ang naisin ng Diyos, at kailangan mong gampanan ang tungkulin ng isang nilalang ng Diyos. Dahil naniniwala at sumusunod ka sa Diyos, dapat mong ialay ang lahat sa Kanya, at hindi ka dapat gumawa ng mga personal na pagpili o paghingi, at dapat mong makamit ang katuparan ng naisin ng Diyos. Dahil ikaw ay nilikha, dapat mong sundin ang Panginoong lumikha sa iyo, sapagkat ikaw ay likas na walang kapamahalaan sa iyong sarili, at walang kakayahang kontrolin ang sarili mong tadhana. Dahil isa kang taong naniniwala sa Diyos, dapat kang maghangad ng kabanalan at pagbabago. Dahil ikaw ay isang nilalang ng Diyos, dapat kang sumunod sa iyong tungkulin, at manatili sa iyong lugar, at huwag kang lumampas sa iyong tungkulin. Ito ay hindi upang pigilan ka, o supilin ka sa pamamagitan ng doktrina, kundi sa halip ay ang landas na makakatulong upang magampanan mo ang iyong tungkulin, at makakamit ito—at dapat makamit—ng lahat ng gumagawa ng katuwiran.

Hinango mula sa “Ang Tagumpay o Kabiguan ay Depende sa Landas na Tinatahak ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang pinakamahalagang kailangan sa pananampalataya ng tao sa Diyos ay na mayroon siyang matapat na puso, at na lubos niyang inilalaan ang kanyang sarili, at tunay siyang sumusunod. Ang pinakamahirap para sa tao ay ibigay ang kanyang buong buhay kapalit ng tunay na pananampalataya, at sa pamamagitan nito ay matamo niya ang buong katotohanan, at magampanan ang kanyang tungkulin bilang isang nilalang ng Diyos. Ito ang hindi kayang matamo ng mga nabibigo, at lalo pang hindi ito natatamo ng mga hindi makasumpong kay Cristo. Dahil ang tao ay hindi magaling sa buong paglalaan ng kanyang sarili sa Diyos, dahil ang tao ay hindi handang gampanan ang kanyang tungkulin sa Lumikha, dahil nakita na ng tao ang katotohanan ngunit iniiwasan ito at tumatahak sa kanyang sariling landas, dahil laging naghahanap ang tao sa pamamagitan ng pagsunod sa landas ng mga nabigo na, dahil laging sinusuway ng tao ang Langit, sa gayon, laging nabibigo ang tao, laging natatangay sa panlilinlang ni Satanas, at nabibitag sa sarili niyang patibong. Dahil hindi kilala ng tao si Cristo, dahil hindi sanay ang tao sa pag-unawa at pagdanas ng katotohanan, dahil masyadong sinasamba ng tao si Pablo at masyadong mapag-imbot sa langit, dahil laging hinihiling ng tao na sundin siya ni Cristo at inuutus-utusan niya ang Diyos, sa gayon yaong mga dakilang tao at yaong mga nakaranas na ng mga pagbabagong nangyayari sa mundo ay mortal pa rin, at namamatay pa rin sa gitna ng pagkastigo ng Diyos. Ang masasabi Ko lamang tungkol sa gayong mga tao ay na namamatay sila sa kalunus-lunos na paraan, at na ang bunga para sa kanila—ang kanilang kamatayan—ay hindi walang katwiran. Hindi ba ang kanilang kabiguan ay lalo pang hindi mapapalampas sa batas ng Langit? Ang katotohanan ay nagmumula sa mundo ng tao, subalit ang katotohanang nasa tao ay ipinapasa ni Cristo. Ito ay nagmumula kay Cristo, ibig sabihin, mula sa Diyos Mismo, at hindi ito isang bagay na kaya ng tao. Subalit si Cristo ay naglalaan lamang ng katotohanan; hindi Siya pumaparito upang magpasiya

kung ang tao ay magiging matagumpay sa kanyang paghahangad na matamo ang katotohanan. Sa gayon nangangahulugan ito na ang tagumpay o kabiguan sa katotohanan ay dahil lahat sa pinagsisikapang matamo ng tao. Ang tagumpay o kabiguan ng tao sa katotohanan ay hindi nagkaroon ng kinalaman kay Cristo kailanman, kundi sa halip ay nalalaman sa pamamagitan ng kanyang paghahangad. Ang hantungan at tagumpay o kabiguan ng tao ay hindi maaaring isisi sa Diyos, para ang Diyos Mismo ay magpasan nito, dahil hindi ito isang bagay na para sa Diyos Mismo, kundi direkta itong nauugnay sa tungkuling dapat gampanan ng mga nilalang ng Diyos. Karamihan sa mga tao ay mayroon talagang kaunting kaalaman tungkol sa pinagsisikapan at hantungan nina Pablo at Pedro, subalit wala ibang alam ang mga tao bukod sa mga kahihinatnan nina Pedro at Pablo, at wala silang alam tungkol sa lihim sa likod ng tagumpay ni Pedro, o sa mga kakulangang humantong sa kabiguan ni Pablo. Kaya nga, kung kayo ay lubos na walang kakayahang makakita sa kakanyahan ng kanilang pinagsisikapan, mabibigo pa rin ang pinagsisikapan ng karamihan sa inyo, at kahit may kaunti sa inyo na magtatagumpay, hindi pa rin sila makakapantay ni Pedro. Kung ang landas ng iyong pagsisikap ang siyang tama, may pag-asa kang magtagumpay; kung ang landas na iyong tinatahak sa paghahangad ng katotohanan ay mali, hindi mo makakayang magtagumpay magpakailanman, at hahantong sa katapusang katulad ng kay Pablo.

Hinango mula sa “Ang Tagumpay o Kabiguan ay Depende sa Landas na Tinatahak ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

2. Ang mga Prinsipyo ng Pagkain at Pag-inom ng mga Salita ng Diyos

(1) Kinakailangang kumain at uminom mula sa kasalukuyang mga salitang ipinahayag ng Diyos at magbahagi nang madalas, sa gayon nagkakamit ng kalinawan at ng isang landas ng pagsasagawa. Saka lamang makapapasok ang isang tao sa katotohanang realidad;

(2) Kinakailangang pumili kung alin sa mga salita ng Diyos ang

kakanin at iinumin sa konteksto ng mga problema ng mga hinirang ng Diyos at ng iglesia, nang sa gayon magamit ang katotohanan upang lutasin ang mga problema;

(3) Upang mabigyan ng kaliwanagan ng Banal na Espiritu at upang makamit ang pagkaunawa sa katotohanan, kinakailangan, sa pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, na manahimik sa harapan ng Diyos at matiyagang manalangin at bulay-bulayin ang Kanyang mga salita;

(4) Kapag pinipiling kumain at uminom ng mga salita ng Diyos at magbahagi tungkol sa katotohanan, kinakailangang gawin ito nang ayon sa mga pagsasaayos ng bahay ng Diyos na partikular sa bawat yugto ng panahon, at sa gayon makasabay sa gawain ng Banal na Espiritu.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ngayon ang Kapanahunan ng Kaharian. Nakapasok ka man sa bagong kapanahunang ito ay depende sa kung nakapasok ka sa realidad ng mga salita ng Diyos, kung naging buhay realidad mo ang Kanyang mga salita. Ang mga salita ng Diyos ay ipinapaalam sa bawat tao upang, sa huli, lahat ng tao ay mabuhay sa mundo ng mga salita ng Diyos, at liliwanagan at pagliliwanagin ng Kanyang mga salita ang kalooban ng bawat tao. Kung, sa panahong ito, hindi ka maingat sa pagbasa sa mga salita ng Diyos, at wala kang interes sa Kanyang mga salita, nagpapakita ito na mali ang iyong kalagayan. Kung hindi ka makapasok sa Kapanahunan ng Salita, hindi gumagawa sa iyo ang Banal na Espiritu; kung nakapasok ka sa kapanahunang ito, gagawin Niya ang Kanyang gawain. Ano ang magagawa mo sa pagsisimula ng Kapanahunan ng Salita upang matamo ang gawain ng Banal na Espiritu? Sa kapanahunang ito, at sa inyo, isasakatuparan ng Diyos ang sumusunod na realidad: na bawat tao ay isasabuhay ang mga salita ng Diyos, maisasagawa ang katotohanan, at taimtim na mamahalin ang Diyos; na gagamitin ng lahat ng tao ang mga salita ng Diyos bilang pundasyon at bilang kanilang realidad, at magkakaroon ng pusong nagpipitagan sa Diyos; at na, sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga salita ng Diyos, gagamitin ng tao ang kapangyarihang maghari kasama ang Diyos. Ito ang gawaing gagawin ng

Diyos. Makakaya mo bang magpatuloy nang hindi binabasa ang mga salita ng Diyos? Ngayon, pakiramdam ng marami ay hindi nila kayang magpatuloy nang kahit isa o dalawang araw lamang nang hindi binabasa ang Kanyang mga salita. Kailangan nilang basahin ang Kanyang mga salita araw-araw, at kung hindi tutulutan ng panahon, sasapat nang makinig sila sa mga ito. Ito ang pakiramdam na ibinibigay ng Banal na Espiritu sa mga tao, at ito ang paraan na sinisimulan Niya silang antigin. Ibig sabihin, pinamamahalaan Niya ang mga tao sa pamamagitan ng mga salita, nang sa gayon ay makapasok sila sa realidad ng mga salita ng Diyos. Kung, pagkaraan ng kahit isang araw lamang na hindi kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, makadarama ka ng kadiliman at pagkauhaw, at hindi mo ito matatagalan, ipinakikita nito na naantig ka na ng Banal na Espiritu, at na hindi ka pa Niya tinatalikuran. Ikaw, kung gayon, ay isang tao na nasa daloy na ito. Gayunman, kung pagkaraan ng isa o dalawang araw nang hindi kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, wala kang anumang nadarama, kung hindi ka nauuhaw, at ni hindi ka man lamang naaantig, nagpapakita ito na tinalikuran ka na ng Banal na Espiritu. Nangangahulugan ito, kung gayon, na may hindi tama sa kalagayang nasa iyong kalooban; hindi ka pa nakapasok sa Kapanahunan ng Salita, at isa ka sa mga yaong naiwan. Gumagamit ang Diyos ng mga salita upang pamahalaan ang mga tao; maganda ang iyong pakiramdam kung kumakain at umiinom ka ng mga salita ng Diyos, at kung hindi, wala kang landas na susundan. Ang mga salita ng Diyos ay nagiging pagkain ng mga tao, at ang puwersang nagtutulak sa kanila. Sinasabi sa Biblia na “Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawa’t salitang lumalabas sa bibig ng Diyos.” Ngayon, tatapusin ng Diyos ang gawaing ito, at isasakatuparan Niya ang katotohanang ito sa inyo. Paano nakakatagal ang mga tao nang maraming araw, noong araw, nang hindi nagbabasa ng mga salita ng Diyos subalit nakakakain at nakakagawa pa rin tulad ng dati, ngunit hindi ganito ang nangyayari ngayon? Sa kapanahunang ito, mga salita lamang ang ginagamit ng Diyos upang pamahalaan ang lahat. Sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos, hinahatulan at ginagawang perpekto

ang tao, pagkatapos ay dinadala sa kaharian sa huli. Mga salita lamang ng Diyos ang makatutustos sa buhay ng tao, at mga salita lamang ng Diyos ang makakapagbigay sa tao ng liwanag at isang landas para magsagawa, lalo na sa Kapanahunan ng Kaharian. Basta't hindi ka napapalayo mula sa realidad ng mga salita ng Diyos, araw-araw kang kumakain at umiinom ng Kanyang mga salita, magagawa kang perpekto ng Diyos.

Ang paghahangad na mabuhay ay hindi isang bagay na maaaring madaliin; ang paglago sa buhay ay hindi nangyayari sa loob lamang ng isa o dalawang araw. Ang gawain ng Diyos ay normal at praktikal, at may isang proseso itong kailangang pagdaanan. Kinailangan ni Jesus na nagkatawang-tao ng tatlumpu't tatlo't kalahating taon upang makumpleto ang Kanyang gawaing maipako sa krus—kaya paano naging napakahirap na gawin itong pagdadalisay sa tao at pagbabago ng kanyang buhay? Hindi madaling gumawa ng isang normal na tao na naghahayag ng Diyos. Totoo ito lalo na para sa mga taong isinisilang sa bansa ng malaking pulang dragon, na mahina ang kakayahan at nangangailangan ng matagal na panahon ng mga salita at gawain ng Diyos. Kaya huwag kang mainip na makakita ng mga resulta. Kailangan kang maging maagap sa pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, at higit na magsikap sa mga salita ng Diyos. Kapag natapos mong basahin ang Kanyang mga salita, kailangan mong tunay na maisagawa ang mga iyon, lumago sa kaalaman, kabatiran, paghiwatig, at karunungan sa mga salita ng Diyos. Sa pamamagitan nito, magbabago ka nang hindi mo namamalayan. Kung nagagawa mong tanggapin bilang prinsipyo mo ang pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, pagbasa sa mga ito, pag-alam sa mga ito, maranasan ito, at pagsasagawa ng mga ito, lalago ka nang hindi mo namamalayan. May mga nagsasabi na hindi nila naisasagawa ang mga salita ng Diyos kahit matapos nila itong basahin. Bakit ka nagmamadali? Kapag naabot mo ang isang tiyak na tayog, magagawa mong isagawa ang Kanyang mga salita. Masasabi ba ng isang apat- o limang-taong-gulang na bata na hindi nila magawang suportahan o bigyang-dangal ang kanilang mga magulang? Dapat mong malaman kung gaano kataas ang iyong kasalukuyang tayog.

Isagawa kung ano ang kaya mong isagawa, at iwasang maging isang tao na gumagambala sa pamamahala ng Diyos. Kainin at inumin lamang ang mga salita ng Diyos, at tanggapin iyon bilang iyong prinsipyo mula ngayon. Huwag kang mag-alala, sa ngayon, kung magagawa kang ganap ng Diyos. Huwag mo munang tuklasin iyon. Kumain at uminom lamang ng mga salita ng Diyos habang dumarating sa iyo ang mga iyon, at titiyakin ng Diyos na magawa kang ganap. Gayunman, may isang prinsipyong kailangan mong sundin sa pagkain at pag-inom ng Kanyang mga salita. Huwag mo itong gawin nang pikit-mata. Sa pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, sa isang dako, hanapin ang mga salitang dapat mong malaman—ibig sabihin, yaong may kaugnayan sa mga pangitain—at sa kabilang dako, hangaring malaman yaong dapat mong aktwal na isagawa—ibig sabihin, kung ano ang dapat mong pasukin. Ang isang aspeto ay may kinalaman sa kaalaman, at ang isa pa ay sa pagpasok. Kapag naintindihan mo iyang pareho—kapag naintindihan mo kung ano ang dapat mong malaman at kung ano ang dapat mong isagawa—malalaman mo kung paano kainin at inumin ang mga salita ng Diyos.

Hinango mula sa “Ang Kapanahunan ng Kaharian ay ang Kapanahunan ng Salita” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa mga prinsipyo ng pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, ang isa ay may kaugnayan sa kaalaman, at ang isa pa ay sa pagpasok. Aling mga salita ang dapat mong malaman? Dapat mong malaman ang mga salitang may kaugnayan sa mga pangitain (tulad ng, yaong mga may kaugnayan sa kung aling kapanahunan ang napasok na ngayon ng gawain ng Diyos, ano ang nais makamit ng Diyos ngayon, ano ang pagkakatawang-tao, at iba pa; lahat ng ito ay may kaugnayan sa mga pangitain). Ano ang ibig sabihin ng landas na dapat pasukin ng tao? Tumutukoy ito sa mga salita ng Diyos na dapat isagawa at pasukin ng tao. Nasa itaas ang dalawang aspeto ng pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos. Mula ngayon, kainin at inumin ang mga salita ng Diyos sa ganitong paraan. Kung mayroon kang malinaw na pagkaunawa sa Kanyang mga

salita tungkol sa mga pangitain, hindi na kailangang patuloy na magbasa sa lahat ng oras. Napakahalagang kumain at uminom ng iba pang mga salita tungkol sa pagpasok, tulad ng paano ibaling ang puso mo sa Diyos, paano patahimikin ang puso mo sa harap ng Diyos, at paano talikdan ang laman. Ito ang mga bagay na dapat mong isagawa. Kung hindi mo alam kung paano kainin at inumin ang mga salita ng Diyos, imposible ang tunay na pagbabahagi. Kapag alam mo na kung paano kumain at uminom ng Kanyang mga salita, kapag naintindihan mo na kung ano ang mahalaga, magiging malaya ang pagbabahagi, at anumang isyu ang dumating, magagawa mong ibahagi at maintindihan ang realidad. Kung, kapag nagbabahagi ng mga salita ng Diyos, wala kang realidad, hindi mo pa naiintindihan kung ano ang mahalaga, na nagpapakita na hindi mo alam kung paano kumain at uminom ng mga salita ng Diyos. Maaaring nakakapagod para sa ilan ang pagbabasa ng mga salita ng Diyos, na hindi isang normal na kalagayan. Ang normal ay hindi mapagod kailanman sa pagbasa sa mga salita ng Diyos, palaging mauhaw para sa mga ito, at palaging iniisip na mabuti ang mga salita ng Diyos. Ganito kumain at uminom ng mga salita ng Diyos ang isang taong tunay na nakapasok. Kapag nadarama mo na ang mga salita ng Diyos ay masyadong praktikal at siya mismong dapat pasukin ng tao; kapag nadarama mo na napakalaking tulong at kapaki-pakinabang sa tao ang Kanyang mga salita, at na ang mga ito ang panustos sa buhay ng tao—ang Banal na Espiritu ang nagbibigay sa iyo ng damdaming ito, at ang Banal na Espiritu ang umaantig sa iyo. Pinatutunayan nito na ang Banal na Espiritu ay gumagawa sa iyo at na hindi ka pa tinalikuran ng Diyos. Ang ilang tao, na nakikita na ang Diyos ay laging nagsasalita, ay nagsasawa sa Kanyang mga salita, at iniisip na walang kahihinatnan kung basahin man nila ang mga ito o hindi—na hindi isang normal na kalagayan. Wala silang pusong nauuhaw na makapasok sa realidad, at ang gayong mga tao ay hindi nauuhaw ni nagpapahalaga na magawa silang perpekto. Tuwing nasusumpungan mo na hindi ka uhaw sa mga salita ng Diyos, nagpapakita ito na hindi normal ang iyong kalagayan. Noong araw, malalaman kung

tumalikod na ang Diyos sa iyo kung payapa ang iyong kalooban at nakaranas ka ng kasiyahan. Ngayon ang mahalaga ay kung uhaw ka sa mga salita ng Diyos, kung ang Kanyang mga salita ay iyong realidad, kung ikaw ay tapat, at kung nagagawa mo ang lahat ng makakaya mo para sa Diyos. Sa madaling salita, hinahatulan ang tao sa pamamagitan ng realidad ng mga salita ng Diyos. Itinutuon ng Diyos ang Kanyang mga salita sa buong sangkatauhan. Kung handa kang basahin ang mga ito, liliwanagan ka Niya, ngunit kung hindi, hindi Niya gagawin iyon. Nililiwanagan ng Diyos ang mga nagugutom at uhaw sa katuwiran, at nililiwanagan Niya ang mga naghahanap sa Kanya. Sinasabi ng ilan na hindi sila niliwanagan ng Diyos kahit matapos nilang basahin ang Kanyang mga salita. Ngunit sa paanong paraan mo binasa ang mga salitang ito? Kung binasa mo ang Kanyang mga salita sa paraang tinitingnan ng isang taong nakakabayo ang mga bulaklak, at hindi pinahalagahan ang realidad, paano ka maliliwanagan ng Diyos? Paano Niya magagawang perpekto ang isang taong hindi nagpapahalaga sa mga salita ng Diyos? Kung hindi mo pinahahalagahan ang mga salita ng Diyos, hindi mapapasaiyo ang katotohanan ni ang realidad. Kung pinahahalagahan mo ang Kanyang mga salita, maisasagawa mo ang katotohanan, at saka lamang mapapasaiyo ang realidad. Kaya nga kailangan mong kainin at inumin ang mga salita ng Diyos sa lahat ng oras, abala ka man o hindi, masama man ang iyong sitwasyon o hindi, at sinusubukan ka man o hindi. Sa kabuuan, ang mga salita ng Diyos ang pundasyon ng pag-iral ng tao. Walang sinumang maaaring tumalikod sa Kanyang mga salita, kundi kailangang kumain ng Kanyang mga salita tulad ng pagkain nang tatlong beses sa isang araw. Ganoon ba kadaling magawang perpekto at maangkin ng Diyos? Nauunawaan mo man o hindi sa ngayon, at mayroon ka mang kabatiran sa gawain ng Diyos o wala, kailangan mong kumain at uminom ng mga salita ng Diyos hangga’t maaari. Ito ang pagpasok sa isang maagap na paraan. Matapos basahin ang mga salita ng Diyos, magmadaling isagawa kung ano ang kaya mong pasukin, at pansamantalang isantabi kung ano ang hindi mo kayang pasukin. Maaaring marami sa mga salita ng Diyos ang

hindi mo maunawaan sa simula, ngunit pagkaraan ng dalawa o tatlong buwan, marahil ay kahit isang taon, mauunawaan mo ito. Paano mangyayari ito? Ito ay dahil hindi magagawang perpekto ng Diyos ang mga tao sa loob ng isa o dalawang araw. Madalas, kapag binasa mo ang Kanyang mga salita, maaaring hindi mo ito maunawaan kaagad. Sa sandaling iyon, maaaring tila mga salita lamang ang mga iyon; kailangan mong maranasan ang mga iyon nang ilang panahon bago mo maunawaan ang mga iyon. Dahil napakarami nang nasabi ng Diyos, dapat mong gawin ang lahat upang kainin at inumin ang Kanyang mga salita, at pagkatapos, hindi mo namamalayan, mauunawaan mo ang mga ito, at hindi mo namamalayan, liliwanagan ka ng Banal na Espiritu. Kapag nililiwanagan ng Banal na Espiritu ang tao, madalas ay lingid ito sa kaalaman ng tao. Nililiwanagan at ginagabayan ka Niya kapag ikaw ay nauuhaw at naghahanap. Ang prinsipyo kung paano gumagawa ang Banal na Espiritu ay nakasentro sa mga salita ng Diyos na iyong kinakain at iniinom. Lahat ng hindi nagpapahalaga sa mga salita ng Diyos at palaging iba ang saloobin tungkol sa Kanyang mga salita—na naniniwala, sa kanilang magulong pag-iisip, na walang halaga kung binabasa nila ang Kanyang mga salita o hindi—ay yaong mga walang realidad. Hindi makikita ang gawain ng Banal na Espiritu ni ang kaliwanagang hatid Niya sa gayong tao. Ang mga taong katulad nito ay nagpapadala lamang sa agos, mga mapagpanggap na walang totoong mga kakayahan, tulad ni Mr. Nanguo sa talinghaga.[a]

Hinango mula sa “Ang Kapanahunan ng Kaharian ay ang Kapanahunan ng Salita” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang pinakamahalaga sa pagsunod sa Diyos ay na dapat alinsunod ang lahat sa mga salita ng Diyos ngayon: Maging ikaw man ay naghahangad ng pagpasok sa buhay o ng katuparan ng kalooban ng Diyos, ang lahat ay dapat nakasentro sa mga salita ng Diyos ngayon. Kung ang iyong pakikipagniig at hinahangad ay hindi nakasentro sa mga salita ng Diyos ngayon, isa kang estranghero sa mga salita ng Diyos, at ganap

na nawalan ng gawain ng Banal na Espiritu. Ang gusto ng Diyos ay ang mga taong sumusunod sa Kanyang mga yapak. Gaano man kahanga-hanga at kadalisay ang naunawaan mo noon, ayaw ito ng Diyos, at kung hindi mo magagawang isantabi ang gayong mga bagay, ang mga ito ay magiging napakalaking hadlang sa iyong pagpasok sa hinaharap. Lahat niyaong nagagawang sumunod sa kasalukuyang liwanag ng Banal na Espiritu ay mga pinagpala. Sinunod din ng mga tao sa mga kapanahunang lumipas ang mga yapak ng Diyos, ngunit hindi sila nakasunod hanggang sa kasalukuyan; ito ang pagpapala ng mga tao sa mga huling araw. Yaong mga nagagawang sumunod sa kasalukuyang gawain ng Banal na Espiritu, at nagagawang sumunod sa mga yapak ng Diyos, na sumusunod sa Diyos saanman Niya sila akayin—ito ang mga tao na pinagpala ng Diyos. Yaong mga hindi sumusunod sa kasalukuyang gawain ng Banal na Espiritu ay hindi pa nakapasok sa gawain ng mga salita ng Diyos, at gaano man sila gumawa, o gaano man katindi ang kanilang pagdurusa, o gaano man sila magparoo't parito, walang anuman dito ang may kabuluhan sa Diyos, at hindi Niya sila pupurihin. Sa ngayon, lahat niyaong sumusunod sa kasalukuyang mga salita ng Diyos ay nasa daloy ng Banal na Espiritu; yaong mga estranghero sa mga salita ng Diyos ngayon ay nasa labas ng daloy ng Banal na Espiritu, at ang gayong mga tao ay hindi pupurihin ng Diyos.

Hinango mula sa "Alamin ang Pinakabagong Gawain ng Diyos at Sumunod sa Kanyang mga Yapak" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Tuwing ikaw ay kumakain at umiinom ng isang sipi ng mga salita ng Diyos, kung nagagawa mong maunawaan ang gawaing kasalukuyan Niyang isinasagawa at matututuhan kung paano manalangin, paano makipagtulungan, at paano makapasok, saka lamang magkakaroon ng mga bunga ang iyong pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos. Kapag nagawa mo, sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos, na mahanap ang landas ng pagpasok at mahiwatigan ang kasalukuyang takbo ng gawain ng Diyos, gayundin ang direksyon ng gawain ng Banal na Espiritu, nakapasok

ka na sa tamang landas. Kung hindi mo pa nauunawaan ang mga pangunahing punto habang kumakain at umiinom ka ng mga salita ng Diyos at, pagkatapos, hindi mo pa rin masumpungan ang landas tungo sa pagsasagawa, ipapakita niyan na hindi mo pa rin alam kung paano kumain at uminom ng mga salita ng Diyos nang wasto, at na hindi mo pa natutuklasan ang pamamaraan o prinsipyo para magawa ito.

Hinango mula sa “Isaisip ang Kalooban ng Diyos para Makamit ang Pagiging Perpekto” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kapag kumakain at umiinom ka ng mga salita ng Diyos, kailangan mong sukatin ang realidad ng sarili mong kalagayan kumpara sa mga ito. Ibig sabihin, kapag natuklasan mo ang iyong mga pagkukulang habang dumaranas ng totoo mong realidad, kailangang makaya mong makakita ng isang landas ng pagsasagawa, na talikuran ang iyong mga maling motibo at pagkaunawa. Kung lagi kang nagsisikap para sa mga bagay na ito at buong pusong nagsisikap tungo sa pagkakamit ng mga ito, magkakaroon ka ng landas na susundan, hindi ka makararamdam ng kahungkagan, at sa gayo’y magagawa mong manatili sa isang normal na kalagayan. Saka ka lamang magiging isang tao na nagdadala ng pasanin sa sarili mong buhay, na may pananampalataya. Bakit kaya hindi magawa ng ilang tao, matapos basahin ang mga salita ng Diyos, na isagawa ang mga ito? Hindi ba dahil hindi nila natatarok ang pinakamahahalagang bagay? Hindi ba dahil hindi sila seryoso sa buhay? Kaya hindi nila natatarok ang mahahalagang bagay at wala silang landas sa pagsasagawa ay dahil kapag binabasa nila ang mga salita ng Diyos, hindi nila maiugnay ang sarili nilang mga kalagayan sa mga ito, ni nasusupil ang sarili nilang mga kalagayan. Sinasabi ng ilang tao: “Binabasa ko ang mga salita ng Diyos at iniuugnay ang aking kalagayan sa mga ito, at alam ko na ako ay tiwali at kulang sa kakayahan, nguni’t hindi ko kayang bigyang-kasiyahan ang kalooban ng Diyos.” Panlabas pa lang ang nakita mo; maraming totoong bagay na hindi mo alam: paano isantabi ang mga kasiyahan ng laman, paano isantabi ang pagmamagaling, paano baguhin ang iyong sarili, paano pumasok sa mga

bagay na ito, paano dagdagan ang iyong kakayahan, at saang aspeto magsisimula. Natatarok mo lang ang ilang bagay sa panlabas, at ang alam mo lang ay na talagang napakatiwali mo. Kapag nakikipagkita ka sa iyong mga kapatid, nagsasalita ka tungkol sa kung gaano ka katiwali, at mukhang kilala mo ang sarili mo at mabigat ang pasaning dinadala mo sa buhay. Sa katunayan, hindi nagbago ang iyong tiwaling disposisyon, na nagpapatunay na hindi mo pa natatagpuan ang landas sa pagsasagawa.

Hinango mula sa “Pagsasagawa (7)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Pagkakaroon ng kaalaman tungkol sa pagiging praktikal at lubos na pagkaunawa sa gawain ng Diyos—parehong nakikita ang mga ito sa Kanyang mga salita, at magkakamit ka lamang ng kaliwanagan sa pamamagitan ng mga pahayag na ito. Kaya dapat mong lalong sangkapan ang iyong sarili ng mga salita ng Diyos. Ibahagi mo ang iyong pagkaunawa tungkol sa mga salita ng Diyos kapag nagbabahaginan kayo, at sa ganitong paraan, maliliwanagan mo ang iba at mabibigyan mo sila ng paraan para magsagawa—ito ay isang praktikal na landas. Bago magsaayos ang Diyos ng isang sitwasyon para sa iyo, bawat isa sa inyo ay kailangan munang sangkapan ang inyong sarili ng Kanyang mga salita. Ito ay isang bagay na dapat gawin ng lahat; isa itong agarang prayoridad. Una, umabot sa punto na marunong ka nang kumain at uminom ng mga salita ng Diyos. Para sa anumang bagay na hindi mo magawa, saliksikin ang Kanyang mga salita para sa isang landas ng pagsasagawa, at suriing mabuti ang mga pahayag na ito para sa anumang mga isyung hindi mo nauunawaan o anumang mga paghihirap na maaaring mayroon ka. Gawing panustos mo ang mga salita ng Diyos, at tulutang alalayan ka ng mga iyon na malutas ang iyong mga praktikal na paghihirap at problema; at tulutang maging tulong mo sa buhay ang Kanyang mga salita. Kakailanganin ng mga bagay na ito ang iyong pagsisikap. Sa pagkain at pag-inom ng salita ng Diyos, kailangan mong magkamit ng mga resulta, kailangan mong mapatahimik ang iyong puso sa Kanyang harapan, at kailangan mong magsagawa alinsunod sa Kanyang mga pahayag tuwing

may kinakaharap kang anumang mga isyu. Kapag wala ka pang nakakaharap na anumang mga isyu, dapat mong itutok ang iyong sarili sa pagkain at pag-inom lamang ng Kanyang salita. Kung minsan ay maaari kang manalangin at pagnilayan mo ang pagmamahal ng Diyos, sabihin sa pakikibahagi ang iyong pagkaunawa sa Kanyang mga salita, at ipabatid ang kaliwanagan at pagpapalinaw na nararanasan mo sa iyong kalooban at ang iyong naging mga reaksyon habang binabasa mo ang mga pahayag na ito. Bukod pa riyan, mabibigyan mo ng paraan ang mga tao para magsagawa. Ito lamang ang praktikal. Ang layunin sa paggawa nito ay para maging praktikal na panustos mo ang mga salita ng Diyos.

Hinango mula sa “Yaong mga Tunay na Nagmamahal sa Diyos ay Yaong mga Talagang Nagpapasakop sa Kanyang Pagiging Praktikal” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kapag mas isinasaisip mo ang kalooban ng Diyos, mas bibigat ang iyong pasanin, at kapag mas mabigat ang iyong pasanin, mas yayaman ang iyong karanasan. Kapag isinasaisip mo ang kalooban ng Diyos, bibigyan ka ng Diyos ng isang pasanin, at pagkatapos ay liliwanagan ka tungkol sa mga gawaing naipagkatiwala Niya sa iyo. Kapag ibinigay ng Diyos ang pasaning ito sa iyo, papansinin mo ang lahat ng nauugnay na katotohanan habang kumakain at umiinom ka ng mga salita ng Diyos. Kung mayroon kang pasanin na may kaugnayan sa kalagayan sa buhay ng iyong mga kapatid, ito ay isang pasanin na naipagkatiwala sa iyo ng Diyos, at palagi mong dadalhin ang pasaning ito sa iyong mga dalangin sa araw-araw. Ang ginagawa ng Diyos ay naipagkatiwala na sa iyo, at handa kang isakatuparan yaong nais gawin ng Diyos; ito ang ibig sabihin ng dalhin na parang iyo ang pasanin ng Diyos. Sa puntong ito, sa iyong pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, magtutuon ka sa ganitong klase ng mga isyu, at iisipin mo, Paano ko lulutasin ang mga problemang ito? Paano ko mabibigyan ng kakayahan ang aking mga kapatid na magkamit ng paglaya at makasumpong ng espirituwal na kasiyahan? Magtutuon ka rin sa paglutas ng mga problemang ito habang nakikibahagi, at habang kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, magtutuon ka sa pagkain at pag-inom

ng mga salitang nauugnay sa mga isyung ito. Magdadala ka rin ng isang pasanin habang kumakain at umiinom ng Kanyang mga salita. Kapag naunawaan mo na ang mga hinihingi ng Diyos, magkakaroon ka ng mas malinaw na ideya tungkol sa landas na tatahakin. Ito ang kaliwanagan at pagpapalinaw ng Banal na Espiritu na dulot ng iyong pasanin, at ito rin ang patnubay na ipinagkaloob ng Diyos sa iyo. Bakit Ko sinasabi ito? Kung wala kang pasanin, hindi ka magbibigay-pansin habang kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos; kapag ikaw ay kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos habang nagdadala ng isang pasanin, mauunawaan mo ang diwa ng mga ito, mahahanap ang iyong daan, at isasaisip ang kalooban ng Diyos. Samakatuwid, sa iyong mga dalangin, dapat mong hilingin na dagdagan ng Diyos ang iyong mga pasanin at ipagkatiwala sa iyo ang mas mabibigat na gawain, para sa hinaharap, maaari kang magkaroon ng iba pang landas ng pagsasagawa; para ang iyong pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos ay magkaroon ng mas matinding epekto; para maunawaan mo ang diwa ng Kanyang mga salita; at para mas makayanan mong maantig ng Banal na Espiritu.

Hinango mula sa “Isaisip ang Kalooban ng Diyos para Makamit ang Pagiging Perpekto” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung magagawa sa tamang paraan, ang pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos ay makatutulong sa iyo para maunawaan ang katotohanan. Gayunpaman, ang simpleng pag-unawa sa katotohanan ay hindi nangangahulugang magagawa mong pumasok sa katotohanang realidad. May mga taong may magandang katangian ngunit hindi iniibig ang katotohanan; kahit na nagagawa nilang maunawaan nang kaunti ang katotohanan, hindi nila ito isinasagawa. Magagawa ba ng ganoong mga tao ang pumasok sa katotohanang realidad? Ang pag-unawa sa katotohanan ay hindi kasingsimple ng pag-unawa sa mga doktrina. Para maunawaan ang katotohanan, kailangan mong malaman kung paano kainin at inumin ang mga salita ng Diyos. Gawin nating halimbawa ang pagkain at pag-inom ng isang sipi hinggil sa katotohanan ng pag-ibig para sa Diyos. Sinasabi ng

salita ng Diyos: “Ang ‘pag-ibig,’ ayon sa tawag dito, ay tumutukoy sa isang damdaming dalisay at walang dungis, kung saan ginagamit mo ang iyong puso upang magmahal, makaramdam, at maging maalalahanin. Sa pag-ibig walang mga kondisyon, walang mga balakid, at walang agwat. Sa pag-ibig walang paghihinala, walang pandaraya, at walang katusuhan. Sa pag-ibig walang kalakalan at walang karumihan.” Ganito ipinakakahulugan ng Diyos ang pag-ibig, at ito ang katotohanan. Ngunit sino ang dapat mong ibigin? Dapat mo bang ibigin ang iyong asawang lalaki? Ang iyong asawang babae? Ang iyong mga kapatid? Hindi. Kapag nangungusap ang Diyos ng tungkol sa pag-ibig, nangungusap Siya hindi ng pag-ibig para sa iyong kapwa tao, kundi ng pag-ibig ng tao sa Diyos. Ang pag-ibig na ito ay tunay na pag-ibig. Paano mo mauunawaan ang katotohanang ito? Nangangahulugan itong nais ng Diyos na huwag Siyang pagdudahan ng tao o ilayo ang kanilang sarili sa Kanya, kundi magkaroon ng pag-ibig sa Kanya na dalisay at walang bahid. Ang ibig sabihin ng “walang bahid” ay walang mararangyang mga pagnanasa at walang mga mararangyang hiling sa Diyos, hindi naglalatag ng mga kondisyon sa Kanya, at hindi gumagawa ng anumang mga dahilan. Nangangahulugan itong nangunguna Siya sa iyong puso; nangangahulugan itong tanging ang mga salita Niya ang nananahan sa iyong puso. Ito ay damdaming dalisay at walang bahid. Ang damdaming ito ay nananahan sa isang tiyak na lugar sa iyong puso; lagi Mo Siyang iniisip at nangungulila sa Kanya; at nagagawang isipin Siya sa bawat sandali. Ang umibig ay nangangahulugang umibig sa pamamagitan ng iyong puso. Ang umibig sa pamamagitan ng iyong puso ay may kasamang pagiging mapagbigay, pag-aaruga, at pananabik. Upang magtagumpay sa pag-ibig sa pamamagitan ng puso, dapat kang sumailalim sa isang proseso ng pagkaalam. Sa kasalukuyan, habang may kaunti kang kaalaman sa Diyos, dapat mong gamitin ang iyong puso para asamin Siya, para panabikan Siya, para sundin Siya, para maging mapagbigay sa Kanya, para manalangin sa Kanya, at para magsumamo sa Kanya; dapat mo ring magawang makibahagi sa Kanyang mga iniisip at inaalala. Dapat mong isapuso ang

mga ito. Huwag basta sa salita lamang, at sabihing: “Minamahal na Diyos! Ginagawa ko ito para sa Iyo, ginagawa ko iyan para sa Iyo!” Tanging ang pag-ibig at pagbibigay-kasiyahan sa Diyos sa pamamagitan ng iyong puso ang totoo. Kahit na hindi mo sinasabi nang malakas, mayroon kang Diyos sa iyong puso, iniisip mo Siya sa iyong puso. Kaya mong isuko ang iyong asawang lalaki, asawang babae, iyong mga anak, iyong mga magulang; ngunit hindi kaya ng puso mong wala ang Diyos. Kung wala ang Diyos, sadyang hindi ka mabubuhay. Nangangahulugan itong mayroon kang pag-ibig, at mayroon kang Diyos sa iyong puso. “Ginagamit mo ang iyong puso upang magmahal, makaramdam, at maging maalalahanin.” Kasama nito ang maraming bagay. Ang tunay na pag-ibig ang hinihingi ng Diyos sa tao; sa madaling salita, dapat mong ibigin at alagaan Siya gamit ang iyong puso, at laging Siyang isaisip. Hindi lamang ito nangangahulugang bibigkasin ang mga salita, ni hindi rin nangangahulugang kung paano mo inihahayag ang iyong sarili sa iyong tindig; bagkus, nangangahulugan itong una sa lahat, ay ang paggawa ng mga bagay gamit ang iyong puso, at pagpapahintulot sa iyong pusong mamahala sa lahat ng iyong kilos. Sa paggawa ng mga bagay sa ganitong paraan, walang pag-uudyok, walang pandaraya, walang pagdududa; ang pusong gaya nito ay higit na mas dalisay. Paano naipahahayag ang mga alinlangan sa iyong puso? Naipahahayag sila kapag lagi mong iniisip, “Tama ba para sa Diyos na gawin ito? Bakit ito sinasabi ng Diyos? Kung walang dahilan sa pagsasabi ng Diyos nito, hindi ko ito susundin. Kung hindi makatarungan para sa Diyos ang gawin ito, hindi ako susunod. Aayawan ko ito sa ngayon.” Ang hindi pagkimkim ng mga alinlangan ay nangangahulugang pagkilala na anumang sabihin at gawin ng Diyos ay tama, at walang tama o mali sa Diyos. Dapat sundin ng tao ang Diyos, maging mapagbigay sa Diyos, pasiyahin ang Diyos, at makibahagi sa Kanyang mga iniisip at inaalala. Makabuluhan man sa iyo o hindi ang lahat ng ginagawa ng Diyos, katanggap-tanggap man ito o hindi sa mga kuro-kuro at guni-guni ng tao, at may katuturan man ito sa tao, maaari kang sumunod lagi at magkaroon ng mapitagan at masunuring puso para sa mga bagay na ito. Hindi ba

naaayon sa katotohanan ang ganitong pagsasagawa? Hindi ba ito pagpapakita at pagsasagawa ng pag-ibig? Samakatuwid, kung mula sa mga salita ng Diyos ay hindi mo nauunawaan ang kalooban ng Diyos at ang mga hangarin sa likod ng Kanyang mga pagbigkas, kung hindi mo nauunawaan ang mga mithiin at resultang hinahangad na makamit ng Kanyang mga salita, kung hindi mo nauunawaan ang hinahanap na maisakatuparan at maperpekto ng Kanyang mga salita sa tao, kung hindi mo nauunawaan ang mga bagay na ito, kung gayon pinatutunayan nito na hindi mo pa naiintindihan ang katotohanan. Bakit sinasabi ng Diyos ang Kanyang sinasabi? Bakit Siya nagsasalita sa ganoong tono? Bakit Siya'y napakamasigasig at taos sa bawa't salitang Kanyang sinasambit? Bakit Niya pinipiling gamitin ang ilang salita? Alam mo ba? Kung hindi mo masabi nang may katiyakan, ibig sabihin nito ay hindi mo nauunawaan ang kalooban ng Diyos o ang Kanyang mga hangarin, hindi mo nauunawaan ang konteksto sa likod ng Kanyang mga salita. Kung hindi mo ito naiintindihan, kung gayon paano mo matatamo ang katotohanan? Ang ibig sabihin ng pagtatamo ng katotohanan ay pag-unawa sa kahulugan ng Diyos sa pamamagitan ng bawa't salitang Kanyang sinasabi; ang ibig sabihin nito ay naisasagawa mo ang mga salita ng Diyos sa sandaling naunawaan mo na ang mga ito, para maisabuhay mo ang mga salita ng Diyos at maging iyong realidad. Kapag mayroon ka nang lubos na pagkaunawa sa salita ng Diyos, saka mo lamang tunay na mauunawaan ang katotohanan.

Hinango mula sa "Yaon Lamang mga May Katotohanang Realidad ang May Kakayahang Mamuno" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Bilang buod, ang pagtahak sa landas ni Pedro sa pananampalataya ng isang tao ay nangangahulugan ng paglakad sa landas ng paghahabol sa katotohanan, na siya ring landas para tunay niyang makilala ang kanyang sarili at mabago ang kanyang disposisyon. Sa pamamagitan lamang ng paglakad sa landas ni Pedro mapupunta ang isang tao sa landas ng pagiging ginawang perpekto ng Diyos. Dapat maging malinaw sa isang tao

kung paano ba talaga lumakad sa landas ni Pedro, gayundin kung paano ito isagawa. Una, dapat munang isantabi ng isang tao ang kanyang mga sariling layunin, mga di-wastong paghahangad, at maging ang kanyang pamilya at lahat ng bagay na para sa kanyang sariling laman. Dapat buong-pusong mag-ukol ang isang tao, na ang ibig sabihin, kailangang ganap niyang ilaan ang kanyang sarili sa salita ng Diyos, magtuon sa pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, tumutok sa paghahanap sa katotohanan at sa paghahanap sa mga hangarin ng Diyos sa Kanyang mga salita, at subukang maunawaan ang kalooban ng Diyos sa lahat ng bagay. Ito ang pinakapangunahin at ang pinakamahalagang paraan ng pagsasagawa. Ito ang ginawa ni Pedro pagkatapos niyang makita si Jesus, at sa pamamagitan lamang ng pagsasagawa sa ganitong paraan nakakamit ng isa ang pinakamahusay na mga resulta. Ang buong-pusong pagtatalaga sa mga salita ng Diyos ay pangunahing nangangahulugan ng paghahanap sa katotohanan, paghahanap sa hangarin ng Diyos sa loob ng Kanyang mga salita, pagtutuon ng pansin sa pag-unawa sa kalooban ng Diyos, at pag-unawa at pagkakamit ng mas maraming katotohanan mula sa mga salita ng Diyos. Kapag binabasa ang Kanyang mga salita, hindi nakatuon si Pedro sa pag-unawa sa mga doktrina at siya ay lalo pang hindi nakatuon sa pagkakamit ng kaalamang pangteolohiya; sa halip, siya ay nakatuon sa pag-unawa sa katotohanan at pag-unawa sa kalooban ng Diyos, at pagtatamo ng pagkaunawa ng Kanyang disposisyon at ng Kanyang pagiging kaibig-ibig. Sinubukan din niyang unawain ang iba't ibang tiwaling mga kalagayan ng tao mula sa mga salita ng Diyos, at unawain ang tiwaling kalikasan ng tao at ang tunay na mga pagkukulang ng tao, tinatamo ang lahat ng aspeto ng mga hinihiling ng Diyos sa tao upang mapalugod Siya. Nagkaroon siya ng napakaraming wastong mga pagsasagawa sa loob ng mga salita ng Diyos; ito ay halos naaayon sa kalooban ng Diyos, at ito ang pinakamahusay na pakikipagtulungan ng tao sa kanyang karanasan sa gawain ng Diyos. Habang dumaranas ng daan-daang pagsubok ng Diyos, mahigpit niyang sinuri ang kanyang sarili ayon sa bawat salita ng paghatol ng Diyos sa tao, bawat salita ng paghahayag

Niya sa tao, at bawat salita ng Kanyang mga kahilingan sa tao, at sinikap na unawain ang kahulugan ng mga pagbikas na iyon. Masigasig niyang pinagnilayan at isinaulo ang bawat salitang sinabi sa kanya ni Jesus, at napakaganda ng nakamtan niyang mga resulta. Sa ganitong paraan ng pagsasagawa, naunawaan niya ang kanyang sarili mula sa mga salita ng Diyos, at hindi lang ang iba't ibang tiwaling kalagayan ng tao ang naunawaan niya, kundi pati na ang diwa, likas na pagkatao, at ang iba't ibang pagkukulang ng tao. Ito ang kahulugan ng tunay na maunawaan ang sarili. Mula sa mga salita ng Diyos, hindi lamang niya natamo ang tunay na pagkaunawa ukol sa sarili niya, kundi mula sa mga bagay na ipinapahayag sa mga pagbigkas ng Diyos—ang matuwid na disposisyon ng Diyos, kung ano ang mayroon at kung ano Siya, ang kalooban ng Diyos para sa Kanyang gawain, ang Kanyang mga hinihingi sa sangkatauhan—mula sa mga salitang ito nakarating siya sa lubos na pagkakilala sa Diyos. Nakarating siya sa pagkakilala sa disposisyon ng Diyos, at sa Kanyang diwa; nakilala at naunawaan niya kung ano ang mayroon at kung ano ang Diyos, sa pagiging kaibig-ibig ng Diyos at mga hinihingi ng Diyos para sa tao. Bagama't ang Diyos ay hindi gaanong nagsalita noong panahong iyon kagaya ng Kanyang ginagawa sa kasalukuyan, nagkaroon ng bunga kay Pedro sa mga aspetong ito. Ito ay isang bihira at napakahalagang bagay. Dumaan si Pedro sa daan-daang pagsubok, subalit hindi nagdusa nang walang-saysay. Hindi lamang niya naunawaan ang kanyang sarili mula sa mga salita at sa gawa ng Diyos, kundi nakilala rin niya ang Diyos. Dagdag pa riyan, sa mga pagbigkas ng Diyos, nagtuon siya lalo na sa mga hinihingi ng Diyos sa sangkatauhan sa loob ng Kanyang mga salita. Sa alinmang mga aspeto dapat bigyang-kasiyahan ng tao ang Diyos upang makaayon sa kalooban ng Diyos, nagawang magsikap nang husto ni Pedro sa mga aspetong ito at nakamtan ang buong kalinawan; lubhang kapaki-pakinabang patungkol sa sarili niyang pagpasok. Anuman ang pinatungkulan ng Diyos, basta't ang mga salitang iyon ay maaaring maging buhay at ang katotohanan, nakaya ni Pedro na iukit ang mga ito sa kanyang puso upang madalas na pagbulayan at pahalagahan ang mga ito.

Matapos mapakinggan ang mga salita ni Jesus nakaya niyang isapuso ang mga ito, na nagpapakita na siya ay espesyal na nakatuon sa mga salita ng Diyos, at tunay na nakamtan niya ang mga resulta sa huli. Ibig sabihin, nakaya niyang malayang isagawa ang mga salita ng Diyos, tumpak na isagawa ang katotohanan at mapahanay sa kalooban ng Diyos, kumilos nang lubusang naaayon sa intensiyon ng Diyos, at isuko ang kanyang sariling personal na mga opinyon at imahinasyon. Sa ganitong paraan, pumasok si Pedro sa realidad ng mga salita ng Diyos.

Hinango mula sa “Paano Lakaran Ang Landas ni Pedro” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Talababa:

a. Wala sa orihinal na teksto ang pariralang “sa talinghaga.”

3. Ang mga Prinsipyo ng Pagbubulay-bulay sa mga Salita ng Diyos

(1) Sa pagbabasa ng mga salita ng Diyos, huwag lamang ituon ang pag-unawa sa literal na kahulugan nito. Dapat hangarin ng isang tao na maintindihan ang kalooban ng Diyos at ang Kanyang mga hinihingi sa tao sa pamamagitan ng Kanyang mga salita;

(2) Dapat basahin ang mga salita ng Diyos sa konteksto ng mga kalagayang pantao at ng sariling mga problema ng isang tao, dahil nagsasalita talaga ang mga salita ng Diyos sa katiwalian at mga kakulangan ng tao;

(3) Kinakailangang manindigan ang isang tao sa puwesto ng tao at bulay-bulayin ang mga salita ng Diyos mula sa kaisipan ng lubusang pagpapasakop sa Manlilikha. Saka lamang maaaring tamuhin ng isang tao ang kaliwanagan ng Diyos;

(4) Kinakailangang maniwala na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan, at makitang malinaw na ang pinakamatinding kakulangan ng tao, sa diwa nito, ay wala sa kanya ang katotohanan. Saka lamang maaaring hanapin at tanggapin ng isang tao ang katotohanan.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ano ba ang salita ng Diyos? Ito ang realidad ng lahat ng positibong bagay; ito ang katotohanan, ang daan, at ang buhay na ipinagkakaloob ng Diyos sa tao. Ang mga salita ng Diyos ay hindi mga doktrina, kasabihan, o argumento, ni hindi sila isang uri ng pilosopiya at pagkatuto. Manapa'y may kinalaman sila sa buhay at pag-iral ng tao, sa kanyang pag-uugali at disposisyon, sa lahat ng ibinubunyag ng tao, at sa mga ideya at opinyon na nabubuo sa puso ng tao at umiiral sa kanyang pag-iisip. Kung hindi nakatali sa mga bagay na ito ang iyong pagninilay-nilay sa mga salita ng Diyos, at kung hindi ka nakatali sa mga ito habang binabasa mo ang Kanyang mga salita at nakikinig sa mga sermon at pagsasalamuha, magiging mababaw at limitado ang maaari mong maunawaan. Dapat ninyong matutuhan kung paano pagnilay-nilayan ang mga salita ng Diyos. Napakahalaga nito. Maraming paraan upang magnilay-nilay ng mga salita ng Diyos: Maaari mo silang basahin nang tahimik at manalangin sa iyong puso, na hinahanap ang kaliwanagan at pagpapalinaw mula sa Banal na Espiritu; maaari ka ring makipagsalamuha at manalanging-nagbabasa kasama ng mga naghahanap ng katotohanan; at, siyempre, maaari mong isama ang mga pagsasalamuha at sermon sa iyong pagninilay-nilay upang palalimin ang iyong pagkaunawa at pagpapahalaga sa mga salita ng Diyos. Ang mga paraan ay marami at nagkakaiba-iba. Sa madaling salita, kung sa pagbabasa ng mga salita ng Diyos, nais ng isang tao na makamit ang pagkaunawa tungkol sa mga ito, napakahalaga na magnilay-nilay at manalanging-nagbabasa ng mga salita ng Diyos. Ang layunin ng pananalangin nang binabasa ang mga salita ng Diyos ay hindi upang muling bigkasin ang mga ito, ni kabisaduhin ang mga ito; kundi, ito ay upang matamo ang tumpak na pagkaunawa sa mga salitang ito pagkatapos na manalanging-nagbabasa at mapagnilay-nilayan ang mga ito at upang malaman ang kahulugan ng mga salitang ito na sinalita ng Diyos, pati na ang Kanyang hangarin. Ito ay upang hanapin doon ang landas kung saan dapat magsagawa ang isang tao, at upang maiwasang lumiko sa sariling daan. Dagdag pa rito, ito ay upang magawang makilala ang lahat

ng iba't ibang uri ng kalagayan at uri ng mga tao na nabunyag sa mga salita ng Diyos, upang mahanap ang tumpak na landas ng pagsasagawa kung saan ituturing ang bawat isang uri ng tao. Kasabay nito, ito ay upang maiwasang maligaw at maiapak ang paa sa landas na kinasusuklaman ng Diyos. Sa sandaling matutuhan mo kung paano manalanging-nagbabasa at kung paano magnilay-nilay ng mga salita ng Diyos, at gawin ito nang madalas, saka lamang maaaring mag-ugat ang mga salita ng Diyos sa iyong puso at maging buhay mo.

Hinango mula sa "Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (11)" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung nais mong gampanan nang maayos ang iyong tungkulin, dapat mo munang maunawaan ang katotohanan, at mas sikaping hanapin ang katotohanan. Isang mahalagang bahagi ng paghahanap sa katotohanan ang matutuhan kung paano pagnilayan ang mga salita ng Diyos. Ang layunin ng pagninilay-nilay sa mga salita ng Diyos ay ang maunawaan ang totoong kahulugan sa likod ng mga salitang ito: Sa pamamagitan ng paghahanap, malalaman mo ang kahulugan ng mga pahayag ng Diyos, kung ano ang hinihingi Niya, at kung ano ang Kanyang kalooban sa mga salitang ito—ito ang ibig sabihin ng maunawaan ang realidad ng katotohanan. Sa sandaling maunawaan mo ang realidad ng katotohanan, magagawa mong maunawaan ang mga prinsipyo ng pagsasagawa, at gayundin, makakamit mo ang pagpasok sa katotohanang realidad. Sa ganitong paraan at nang hindi namamalayan, maliliwanagan ka sa mga bagay na hindi mo dati nauunawaan, makakakuha ka ng mga bagong kabatiran, at unti-unting magiging realidad mo ang mga ito.

Hinango mula sa "Nagmumula ang Landas sa Madalas na Pagninilay-Nilay sa Katotohanan" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung nais mong hanapin ang katotohanan, kung nais mong maunawaan at makamit ang katotohanan, dapat mong matutuhan kung paano tumahimik sa harap ng Diyos, kung paano pagnilayan ang katotohanan, at kung paano pagnilayan ang mga salita ng Diyos. Mayroon

bang mga kailangang sundin na pormalidad upang pagnilayan ang katotohanan? Mayroon bang anumang mga patakaran? Mayroon bang anumang mga limitasyon sa oras? Kailangan mo ba itong gawin sa isang partikular na lugar? Hindi—ang mga salita ng Diyos ay maaaring pagnilayan sa anumang oras o lugar. Kung gumugol kayo ng mas kaunting oras sa inyong mga karaniwang saloobin na walang laman at sa inyong mga guniguni, at ginamit ito upang pagnilayan ang katotohanan, gaano karaming oras sa isang araw ang hindi masasayang bilang bunga? Anong ginagawa ng mga tao kapag nag-aaksaya sila ng oras? Ginugugol nila ang buong araw sa pakikipagkwentuhan at pakikipagtsismisan, ginagawa lamang kung ano ang kinagigiliwan nila, sumasali lamang sa mga kalokohan, iniisip lamang ang mga walang silbing bagay ng mga panahong lumipas, at iniisip kung ano ang mangyayari sa kanilang hinaharap, kung magiging saan ang kaharian sa hinaharap, kung saan naroroon ang impiyerno—hindi ba't kalokohan ang mga ito? Kung ang oras na ito ay ginugugol sa mga positibong bagay—kung tahimik ka sa harap ng Diyos, gumugugol ng mas maraming oras sa pagninilay sa mga salita ng Diyos at pagbabahagi ng katotohanan, pinagninilayan ang bawat kilos mo, at iniaangat ito sa harapan ng Diyos para sa Kanyang pagsusuri, at pagkatapos ay tinitingnan kung mayroong anumang malalaking isyu na hindi mo napagtanto o nakilala, tinitingnan nang partikular ang mga kritikal na larangan kung saan ka naging pinakamapanghimagsik sa Diyos, at naghahanap ng kaukulang mga salita ng Diyos upang malutas ang mga ito—kung gayon, unti-unti kang papasok sa katotohanang realidad.

Ano ang kasama sa pagninilay-nilay sa mga salita ng Diyos? Kasama rito ang pagtataguyod sa tinatawag na mga pang-espirituwal na termino at doktrina na madalas ninyong binibigkas, at ang mga pang-espirituwal na prinsipyo sa pagsasagawa na madalas ninyong pinaniniwalaang wasto, at pagdarasal sa pagbasa: "Malinaw sa akin ang teorya ng mga espirituwal na parirala at terminolohiyang ito, mayroon akong mahusay na pagkaunawa sa kanilang literal na kahulugan, ngunit paano ang kanilang realidad? Paano ko dapat isagawa ang mga ito?" Ganoon ang pagninilay-nilay sa

mga salita ng Diyos; magsimula sa aspetong ito. Kung, kapag naniniwala sila sa Diyos, hindi alam ng mga tao kung paano pagnilayan ang Kanyang mga salita, mahihirapan sila nang husto sa pagpasok at pag-unawa sa katotohanan. Kung walang kakayahan ang mga tao na tunay na maunawaan ang katotohanan, makakapasok ba sila sa katotohanang realidad? Kung hindi sila makakapasok sa katotohanang realidad, makakamit ba nila ang katotohanan? Kung hindi makakamit ng mga tao ang katotohanan, at hindi makakapasok sa katotohanang realidad, mabibigyan ba nila ng kasiyahan ang kalooban ng Diyos? Magiging napakahirap nito. Tingnan ang madalas na ulitin na mga salitang "katakutan ang Diyos at iwasan ang kasamaan" bilang halimbawa: Dapat mong pagnilayan ang mga salitang ito, at sabihin sa sarili mo, "Ano ang pagkatakot sa Diyos? Kung may sabihin akong mali, ito ba ay pagkatakot sa Diyos o hindi? Ang pagsasalita ba kung gayon ay paggawa ng masama, o paggawa ng mabuti? Tinatandaan ba ito ng Diyos? Isinusumpa ba ito ng Diyos? Anong mga bagay ang masama? Ang mga sarili ko bang ideya, pangganyak, kaisipan, pananaw, ang nagtutulak at mga pinagmulan ng mga bagay na sinasabi at ginagawa ko, ang iba't ibang disposisyong inihahayag ko—itinuturing bang masama ang mga ito? Alin sa mga ito ang sinasang-ayunan ng Diyos? Alin ang kinamumuhian ng Diyos? Alin ang isinusumpa ng Diyos? Sa aling mga bagay mayroong malaking pagkakataon na makagawa ako ng matinding pagkakamali?" Karapat-dapat na isaalang-alang ang lahat ng ito. Palagi ba ninyong pinagninilayan ang katotohanan? Gaano karaming oras ang inyong nasayang? Gaano karaming mga bagay tungkol sa katotohanan, tungkol sa pananampalataya sa Diyos, tungkol sa pagpasok sa buhay, tungkol sa takot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan, ang napag-isipan na ninyo? Kapag nagbunga na ang inyong pagninilay sa mga salita ng Diyos o pagninilay sa mga bagay tungkol sa pananampalataya sa Diyos at sa katotohanan, makakamit ninyo ang pagpasok sa buhay. Hindi pa rin ninyo alam kung paano pagnilayan ang mga bagay na ito ngayon, at hindi pa ninyo nakakamit ang pagpasok sa buhay. Kapag natamo na ng isang tao ang pagpasok sa buhay, at

nagagawang pagnilayan ang mga salita ng Diyos, at pag-isipan ang mga isyu, nagsimula na siya kung gayon na pumasok sa katotohanang realidad.

Hinango mula sa “Nagmumula ang Landas sa Madalas na Pagninilay-Nilay sa Katotohanan” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Alinmang aspeto ng katotohanang realidad ang narinig mo, kung pinanghahawakan mo ito, kung isinasagawa mo ang mga salitang ito sa iyong buhay, at ginagamit ang mga ito sa iyong pagsasagawa, tiyak na may pakinabang kang makukuha, at tiyak na magbabago ka. Kung isinisiksik mo lang ang mga salitang ito sa iyong tiyan, at kinakabisado ang mga ito sa iyong ulo, hindi ka kailanman magbabago. Habang nakikinig sa mga sermon, dapat mong pagnilayang mabuti: “Anong uri ng kalagayan ang tinutukoy ng mga salitang ito? Anong aspekto ng diwa ang tinutukoy nila? Sa anong mga bagay ko dapat gamitin ang aspektong ito ng katotohanan? Sa tuwing may gagawin ako na may kinalaman sa aspektong ito ng katotohanan, naisasagawa ko ba ito nang alinsunod dito? At kapag isinasagawa ko na ito, nakaayon ba ang aking kalagayan sa mga salitang ito? Kung hindi, dapat ba akong maghanap, makibahagi, o maghintay?” Nagsasagawa ka ba sa ganitong paraan sa inyong buhay? Kung hindi ganito, walang Diyos at walang katotohanan sa inyong buhay. Nabubuhay kayo batay sa mga titik at doktrina o batay sa inyong sariling mga interes, lakas ng loob, at kasiglahan. Ang mga hindi nagtataglay ng katotohanan bilang realidad ay ang mga walang realidad, at ang mga taong hindi nagtataglay ng mga salita ng Diyos bilang kanilang realidad ay mga taong hindi nakapasok sa Kanyang salita.

Hinango mula sa “Ang Pinakasaligang Pagsasagawa ng Pagiging Isang Taong Tapat” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang makarating sa tunay na pagkaunawa ng mga salita ng Diyos ay hindi simpleng bagay. Huwag kang mag-isip nang ganito: “Naipapaliwanag ko ang literal na kahulugan ng mga salita ng Diyos, at sinasabi ng lahat na magaling ang aking pagpapaliwanag, at sinasang-ayunan nila ako, kaya ibig sabihin nito ay nauunawaan ko ang mga salita ng Diyos.” Hindi ito

kapareho ng pag-unawa sa mga salita ng Diyos. Kung nakatamo ka na ng kaunting liwanag mula sa mga pagpapahayag ng Diyos, at medyo naunawaan mo na ang tunay na kahulugan ng mga salita Niya; at kung naipapahayag mo ang layunin sa likod ng mga salita Niya at kung ano ang ibubunga ng mga ito sa huli, sa sandaling malinaw mo nang maunawaan ang lahat ng ito, maituturing ka nang nagtataglay ng kaunting pagkaunawa sa mga salita ng Diyos. Kaya, hindi ganoon kasimple ang maunawaan ang mga salita ng Diyos. Hindi dahil nakapagbibigay ka ng mabulaklak na paliwanag sa literal na kahulugan ng mga salita ng Diyos ay nangangahulugang nauunawaan mo ang mga ito. Gaano mo man maipaliliwanag ang literal na kahulugan ng mga ito, nakabatay pa rin ang iyong paliwanag sa guni-guni at paraan ng pag-iisip ng tao. Walang silbi ito! Paano mo mauunawaan ang mga salita ng Diyos? Ang susi ay hanapin ang katotohanang nakapaloob sa mga iyon; sa gayong paraan mo lamang tunay na mauunawaan ang Kanyang sinasabi. Tuwing nagsasalita ang Diyos, tiyak na hindi Siya nagsasalita sa pangkalahatan lamang. Bawa't pangungusap na binibigkas Niya ay naglalaman ng mga detalyeng tiyak na ihahayag pa sa mga salita ng Diyos, at maaaring maipahayag ang mga ito sa ibang paraan. Hindi maaarok ng tao ang mga paraan ng pagpapahayag ng Diyos ng katotohanan. Ang mga pagbigkas ng Diyos ay napakalalim at hindi maaarok gamit ang paraan ng pag-iisip ng tao. Maaaring matuklasan ng mga tao ang buong kahulugan ng bawa't aspeto ng katotohanan hangga't pinagsisikapan nila; kung gagawin mo ito, kung gayon habang nararanasan mo ang mga ito, ang mga detalyeng natitira ay mapupunan nang lubusan habang nililiwanagan ka ng Banal na Espiritu, sa gayo'y binibigyan ka ng pagkaunawa tungkol sa tunay na mga katayuang ito.

Hinango mula sa "Paano Malalaman ang Kalikasan ng Tao" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung ikukumpara, ang pagkatao ni Pedro ay medyo kapareho ng sa iba pang mga apostol at sa kanyang mga kapatid, ngunit namukod-tangi siya sa kanyang marubdob na pagtataguyod sa katotohanan; masidhi

niyang pinagnilayan ang lahat ng sinabi ni Jesus. Nagtanong si Jesus, “Simon Bar-Jonas, mahal mo ba Ako?” Matapat na sumagot si Pedro, “Ang Ama na nasa langit lamang ang mahal ko, subalit hindi ko pa nagagawang mahalin ang Panginoon sa lupa.” Kalauna’y naunawaan niya, naisip na, “Hindi tama ito; ang Diyos sa lupa ay ang Diyos sa langit. Hindi ba pareho ang Diyos kapwa sa langit at sa lupa? Kung ang Diyos sa langit lamang ang mahal ko, hindi tunay ang pagmamahal ko; kailangan kong mahalin ang Diyos sa lupa, sapagkat doon lamang magiging tunay ang aking pagmamahal.” Sa gayon, naunawaan ni Pedro ang tunay na kahulugan ng sinabi ni Jesus sa pagninilay sa Kanyang mga salita. Para mahalin ang Diyos, at para maging tunay ang pagmamahal na ito, kailangang mahalin ng isang tao ang Diyos na nagkatawang-tao sa lupa. Ang mahalin ang isang malabo at di-nakikitang Diyos ay hindi makatotohanan ni praktikal, samantalang ang mahalin ang praktikal at nakikitang Diyos ay katotohanan. Mula sa mga salita ni Jesus, natamo ni Pedro ang katotohanan at naunawaan ang kalooban ng Diyos. Malinaw na ang paniniwala ni Pedro sa Diyos ay nakatuon lamang sa pagtataguyod sa katotohanan; sa bandang huli, nagawa niyang mahalin ang praktikal na Diyos—ang Diyos sa lupa. Napakamasigasig ni Pedro sa kanyang pagtataguyod sa katotohanan. Sa bawat pagkakataon na pinayuhan siya ni Jesus, masidhi niyang pinagnilayan ang mga salita ni Jesus. Marahil ay nagnilay-nilay siya nang ilang buwan, isang taon, o ilang taon pa bago siya niliwanagan ng Banal na Espiritu at naunawaan niya ang kahulugan ng mga salita ng Diyos; sa ganitong paraan, pumasok si Pedro sa katotohanan, at pagkatapos, nagbago at napanibago ang kanyang disposisyon sa buhay. Kung hindi nagtataguyod sa katotohanan ang isang tao, hindi niya iyon mauunawaan kailanman. Masasambit mo ang mga sulat at doktrina nang sampung libong beses, ngunit mananatili pa ring mga sulat at doktrina ang mga iyon. Sinasabi lamang ng ilang tao, “Si Cristo ang katotohanan, ang daan, at ang buhay.” Ulit-ulitin mo man ang mga salitang ito nang sampung libong beses, wala pa ring silbi ang mga ito; hindi mo nauunawaan ang kahulugan nito. Bakit sinasabi na si Cristo

ang katotohanan, ang daan, at ang buhay? Maaari mo bang ipahayag ang kaalamang natamo mo tungkol dito mula sa karanasan? Nakapasok ka na ba sa realidad ng katotohanan, ng daan, at ng buhay? Binigkas ng Diyos ang Kanyang mga salita upang maranasan mo ang mga ito at magtamo ka ng kaalaman; walang silbi ang isatinig lamang ang mga sulat at doktrina. Makikilala mo lamang ang iyong sarili kapag naunawaan at napasok mo na ang mga salita ng Diyos. Kung hindi mo nauunawaan ang mga salita ng Diyos, hindi mo makikilala ang iyong sarili. Makakaunawa ka lamang kapag nasa iyo ang katotohanan; kung wala ang katotohanan, hindi ka makakaunawa. Lubos mo lamang mauunawaan ang isang bagay kapag nasa iyo ang katotohanan; kung wala ang katotohanan, hindi mo mauunawaan ang isang bagay. Makikilala mo lamang ang iyong sarili kapag nasa iyo ang katotohanan; kung wala ang katotohanan, hindi mo makikilala ang iyong sarili. Magbabago lamang ang iyong disposisyon kapag nasa iyo ang katotohanan; kung wala ang katotohanan, hindi maaaring magbago ang iyong disposisyon. Pagkatapos mapasaiyo ang katotohanan, saka ka lamang makapaglilingkod alinsunod sa kalooban ng Diyos; kung wala ang katotohanan, hindi ka makapaglilingkod alinsunod sa kalooban ng Diyos. Pagkatapos mapasaiyo ang katotohanan, saka mo lamang masasamba ang Diyos; kung wala ang katotohanan, magiging isang pagganap lamang ng mga ritwal ng relihiyon ang iyong pagsamba at wala nang iba. Lahat ng bagay na ito ay nakasalalay sa pagtatamo ng katotohanan mula sa mga salita ng Diyos.

Hinango mula sa “Paano Malalaman ang Kalikasan ng Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung hindi pagsikapan ng mga tao ang katotohanan, hindi magtatagal ay mahuhulog sila, at mahihirapan silang tumayo nang matatag. Ito ay dahil kapag dumating sa kanila ang mga pagsubok, wala sa ilang mga titik at doktrina ang kalutasan. Hindi malulutas ng mga titik at doktrina ang totoong mga suliranin! Dapat kang magkaroon ng malinaw na pag-unawa sa bawat katotohanan, palagiang pinag-iisipan ang mga ito, upang

maunawaan mo ang mga ito sa iyong puso at makilala ang mga ito sa loob at labas; doon mo lamang malalaman ang gagawin kung may mangyari sa iyo. Ngunit makakamit mo ba ang mga katotohanang ito kung hindi mo sila bibigyan ng anumang pag-aaral? Kung hindi mo sila pagninilayan, kahit gaano karami pa ang marinig mo, o gaano karami ang masasabi mo tungkol sa kanila, hindi mo malalampasan ang kanilang literal na kahulugan. Ang mga literal na kahulugang ito ay madalas na magbibigay sa iyo ng ilusyon na ang pananampalataya mo sa Diyos ay nagbunga na, at ang iyong tayog ay napakataas, dahil mayroon kang silakbo ng damdamin at lakas—ngunit sa sandaling may mangyari agad sa iyo, matutuklasan mong ang mga literal na kahulugang ito ay hindi magbibigay ng kasiguruhan na makakalampas ka nang maayos sa bawat pagsubok o paglilitis. Madalas na nalilito ang mga tao kapag may nangyayari sa kanila, iniisip, “Ano ang dapat kong gawin tungkol dito? Kailangan kong magmadali at maghanap para sa mga salita ng Diyos at kilalanin ang iba’t ibang mga prinsipyo. Aling aspekto ng katotohanan ang tumutugma dito?” Mapagtatanto mo sa mga ganitong panahon na binigyan mo ang iyong sarili ng napakakaunting katotohanan, na napakakaunti lamang ng pagkakaunawa mo sa mga katotohanan realidad. Madalas na natutuklasan lamang ito ng mga tao kapag nangangailangan sila. Kapag hindi, palagi nilang iniisip na nabigyan na nila ang kanilang mga sarili ng maraming katotohanan, na napupuno sila ng katotohanan. Ano ang nagpupuno sa kanila? Mga sulat at doktrina, mga kababawan. Nagkakamali silang maramdamang napupuno sila ng katotohanan; kapag pakiramdam mong napupuno ka ng katotohanan, ikaw ay nasa panganib. Ngunit kung pakiramdam mong ikaw ay wala, na marami kang hindi nauunawaan, mapagninilayan mo kung gayon paano makapasok. Kung palagi mong iniisip na nasa iyo na ang katotohanan, na napupuno ka nito, na mayroon ka nang sapat, na kilala mo ang iyong sarili, at mahal mo ang Diyos, at magagawa mo ang lahat para sa Diyos, ito ay tanda ng panganib. Habang iniisip mo ito, mas napatutunayan nito na wala kang nauunawaan, na wala kang anumang mga katotohanang realidad. Pag-isipan itong mabuti.

Alamin kung paano pag-isipan ang katotohanan; napakahalagang bahagi ito sa buhay ng mga taong naniniwala sa Diyos.

Hinango mula sa “Nagmumula ang Landas sa Madalas na Pagninilay-Nilay sa Katotohanan” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

4. Ang mga Prinsipyo ng Pagtuturing sa mga Salita ng Diyos

(1) Kinakailangang maniwala na ang mga salita ng Diyos ay tunay ngang ang katotohanan. Dapat tanggapin at sundin ang mga ito, umaayon man ang mga ito o hindi sa mga kuro-kuro ng tao o kung maiitindihan ang mga ito;

(2) Kinakailangang tanggapin ang paghatol at pagkastigo ng mga salita ng Diyos. Saka lamang magagawang malaman ng isang tao ang diwa at katotohanan ng kanilang sariling katiwalian at madalisay ang kanilang tiwaling disposisyon;

(3) Kapag hindi nauunawaan ng isang tao ang ilan sa mga salita ng Diyos, dapat silang manalangin sa Kanya, hanapin ang katotohanan, at pagtuunan ang pagsasagawa at karanasan. Saka lamang maaaring maunawaan ng isang tao ang katotohanan at makapasok sa realidad;

(4) Kinakailangang isagawa at maranasan ang mga salita ng Diyos. Saka lamang maaaring matamo ng isang tao ang pagkaunawa sa katotohanan at pagkakilala sa Diyos, at saka lamang makukumpirma ng isang tao na si Cristo ang katotohanan, ang daan, at ang buhay.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang mga salitang sinasabi Ko ay mga katotohanang nakatuon sa buong sangkatauhan; hindi lamang sila tumutukoy sa isang tiyak na tao o uri ng tao. Samakatuwid, dapat ninyong tutukan ang pag-intindi sa mga salita Ko mula sa pananaw ng katotohanan, at dapat magkaroon ng saloobin ng ganap na pagkakatuon at katapatan; huwag ninyong balewalain ang isa mang salita o katotohanang sinasabi Ko, at huwag tratuhin nang basta-basta ang lahat ng mga salitang sinasabi Ko. Sa mga

buhay ninyo, nakikita Kong marami kayong ginawang walang kinalaman sa katotohanan, kaya naman malinaw Kong hinihiling na maging mga lingkod kayo ng katotohanan, na hindi kayo magpaalipin sa kabuktutan at kapangitan, at huwag ninyong yurakan ang katotohanan o dungisan ang alinmang sulok ng tahanan ng Diyos. Ito ang paalaala Ko sa inyo.

Hinango mula sa “Tatlong Paalaala” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Umaasa lang Ako na hindi ninyo magagawang sayangin ang Aking mga pagsisikap, at, bukod pa roon, na magagawa ninyong maunawaan ang maingat na pangangalagang Aking ginawa, at ituring ang Aking mga salita bilang saligan ng kung paano kayo kumikilos bilang isang tao. Kung ang mga ito man ay ang uri ng mga salita na handa ninyong pakinggan o hindi, kung nasisiyahan man kayo o hindi na tanggapin ang mga ito o matatanggap lang ang mga ito nang may pagkabalisa, dapat ninyong seryosohin ang mga ito. Kung hindi, ang inyong mga di-seryoso at walang malasakit na mga disposisyon at mga asal ay lubhang magpapabahala sa Akin at talagang magpapasuklam sa Akin. Lubos Akong umaasa na lahat kayo ay magagawang basahin ang Aking mga salita nang paulit-ulit—nang libu-libong beses—at maisasaulo pa nga ang mga ito. Sa ganitong paraan lang ninyo magagawang hindi biguin ang Aking mga inaasahan sa inyo. Subalit, wala sa inyo ang namumuhay nang ganito ngayon. Sa kabaligtaran, lahat kayo ay nalulubog sa isang pinasamang buhay, isang buhay ng pagkain at pag-inom hanggang sa inyong ikasisiya, at wala sa inyo ang gumagamit ng Aking mga salita upang mapayaman ang inyong puso at kaluluwa. Ito ang dahilan kung bakit nahinuha Ko ang totoong mukha ng sangkatauhan: Kaya Akong ipagkanulo ng tao anumang oras, at walang sinuman ang maaaring maging lubos na matapat sa Aking mga salita.

Hinango mula sa “Isang Napakaseryosong Problema: Pagkakanulo (1)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Nabigyan Ko na kayo ng maraming babala at nagkaloob na sa inyo ng maraming katotohanan na ang layunin ay lupigin kayo. Ngayon,

nararamdaman na ninyong lahat na higit kayong pinagyaman kaysa noong nakaraan, naiintindihan na ninyo ang maraming prinsipyo kung paano dapat ang isang tao, at nagtataglay na kayo ng malaking bahagi ng sentido komun na dapat taglayin ng matatapat na tao. Inyong inani ang lahat ng ito sa loob ng maraming taon ng paggapas. Hindi Ko ikinakaila ang inyong mga nagawa, ngunit dapat Ko ring sabihin nang may katapatan na hindi Ko rin ikinakaila ang napakaraming pagsuway at paghihimagsik na inyong nagawa laban sa Akin sa loob ng maraming taon na ito, sapagkat wala ni isa mang banal sa inyo. Lahat kayo, nang walang pagtatangi, ay mga taong ginawa nang tiwali ni Satanas; mga kaaway kayo ni Cristo. Hanggang sa kasalukuyan, hindi na mabilang sa dami ang inyong mga paglabag at pagsuway, kaya hindi na talaga kakatwang maituturing na lagi't lagi Kong inuulit sa inyo ang Sarili Ko. Hindi Ko nais na kasama ninyong umiral sa ganitong paraan—ngunit alang-alang sa inyong mga kinabukasan, alang-alang sa inyong mga hantungan, uulitin Ko, dito at ngayon, ang mga nasabi Ko na. Umaasa Ako na pagbibigyan ninyo Ako, at higit pa, na magagawa ninyong maniwala sa bawat pahayag Ko, at mahinuha ang malalim na mga pahiwatig ng Aking mga salita. Huwag ninyong pagdudahan ang Aking mga sinasabi, at lalong huwag pulutin ang Aking mga salita ayon sa inyong nais at itapon ang mga ito sa isang tabi nang walang pakundangan; hindi Ko ito mapagtitiisan. Huwag ninyong hatulan ang Aking mga salita, at lalong huwag maliitin ang mga ito o sabihin na lagi Ko kayong tinutukso o, higit pang malala, sabihin na ang mga sinabi Ko sa inyo ay hindi tumpak. Hindi Ko rin mapagtitiisan ang mga bagay na ito. Sapagkat itinuturing ninyo Ako at ang Aking sinasabi nang may ganyang paghihinala, hindi kailanman tinatanggap ang Aking mga salita at hindi Ako pinapansin, may lubos na kaseryosohan Kong sinasabi sa bawat isa sa inyo: Huwag ninyong ikawing sa pilosopiya ang Aking sinasabi; huwag ninyong ikawing ang Aking mga salita sa mga kasinungalingan ng mga nagmamarunong. Lalong hindi kayo dapat tumugon sa Aking mga salita nang may pag-aalipusta.

Hinango mula sa "Ang mga Paglabag ay Magdadala sa Tao sa Impiyerno" sa Ang Salita ay

Kapag tumatanggap ng paghatol ng mga salita ng Diyos, hindi tayo dapat matakot sa pagdurusa, ni hindi tayo dapat matakot sa sakit, at mas lalo nang hindi tayo dapat matakot na tumagos sa ating mga puso ang mga salita ng Diyos. Dapat ay basahin natin ang iba pa Niyang mga pahayag tungkol sa kung paano Niya tayo hinahatulan at kinakastigo at inilalantad ang ating mga tiwaling diwa. Kailangan nating basahin ang mga ito at mas sundin pa ang mga ito. Huwag nating ikumpara ang iba sa mga ito—ikumpara natin ang ating sarili sa mga ito. Hindi tayo nagkukulang sa kahit isa sa mga bagay na ito; kaya nating tapatang lahat ito. Kung hindi ka naniniwala rito, humayo ka't danasin ito mismo. Matapos basahin ang mga salita ng Diyos, walang kakayahan ang ilang tao na iangkop ang mga iyon sa kanilang sarili; akala nila ay hindi tungkol sa kanila ang mga bahagi ng mga salitang ito, kundi sa halip ay tungkol sa ibang mga tao. Halimbawa, kapag inilalantad ng Diyos ang mga tao bilang masasamang babae at mga kalapating mababa ang lipad, nadarama ng ilang kapatirang babae na dahil naging tapat na tapat sila sa kanilang asawa, malamang na hindi tumutukoy sa kanila ang gayong mga salita; nadarama ng ilang kapatirang babae na dahil wala silang asawa at hindi pa nakipagtalik kailanman, malamang na hindi rin tungkol sa kanila ang gayong mga salita. Nadarama ng ilang kapatirang lalaki na para lamang sa mga babae ang mga salitang ito, at walang kinalaman sa kanila; naniniwala ang ilang tao na napakasamang pakinggan ang mga salitang iyon ng Diyos, at ayaw nilang tanggapin ang mga iyon. Mayroon pang mga taong nagsasabi na sa ilang pagkakataon, mali ang mga salita ng Diyos. Ito ba ang tamang saloobin sa mga salita ng Diyos? Hindi kaya ng mga tao na magmuni-muni tungkol sa kanilang sarili batay sa mga salita ng Diyos. Dito, ang "masasamang babae" at "mga kalapating mababa ang lipad" ay tumutukoy sa katiwalian at kawalan ng delikadesa ng mga tao. Lalaki man o babae, may-asawa o wala, lahat ay may taglay na katiwalian ng kawalan ng delikadesa—kaya paano ito mawawalan ng kinalaman sa iyo? Inilalantad ng mga salita ng

Diyos ang mga tiwaling disposisyon ng mga tao; lalaki man o babae, pareho ang antas ng katiwalian ng tao. Hindi ba totoo ito? Bago gumawa ng iba pang bagay, dapat nating matanto na kailangan nating tanggapin ang bawat isa sa mga salitang sinambit ng Diyos, masarap mang pakinggan ang mga ito o hindi at nasasaktan man tayo o nasisiyahan. Iyon ang saloobing dapat nating taglayin sa mga salita ng Diyos. Anong uri ng saloobin ito? Ito ba ay isang saloobing makadiyos, isang saloobing mapagpasensya, o isang saloobing tumatanggap ng pagdurusa? Sinasabi Ko sa inyo na hindi ito anuman sa mga ito. Sa ating pananampalataya, kailangan nating matatag na panindigan na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan. Dahil ang mga ito nga ang katotohanan, dapat nating tanggapin ang mga ito nang makatwiran. Kinikilala o inaamin man natin ito o hindi, dapat ay lubos na tanggapin ang mga salita ng Diyos. Bawat isang linya ng mga salita ng Diyos ay nauukol sa isang partikular na kalagayan. Ibig sabihin, wala sa mga linya ng Kanyang mga pahayag ang tungkol sa mga panlabas na hitsura, lalo na tungkol sa mga patakarang panlabas o sa isang simpleng klase ng pag-uugali sa mga tao. Hindi ganoon ang mga iyon. Kung sa tingin mo ay tungkol sa simpleng klase ng pag-uugali ng tao o panlabas na hitsura ang bawat linyang binigkas ng Diyos, wala kang espirituwal na pang-unawa at hindi mo nauunawaan kung ano ang katotohanan. Malalim ang mga salita ng Diyos. Paano naging malalim ang mga ito? Lahat ng sinasabi ng Diyos, lahat ng inihahayag Niya, ay tungkol sa mga tiwaling disposisyon ng mga tao, at sa mga bagay na matibay at malalim na nakaugat sa kanilang buhay. Mahalaga ang mga bagay na ito, hindi mga panlabas na hitsura, at lalo nang hindi mga pag-uugali sa labas. Sa pagtingin sa mga tao mula sa kanilang panlabas na hitsura, maaaring mukhang maayos silang lahat. Kung gayon, bakit sinasabi ng Diyos na ang ilang tao ay masasamang espiritu at ang ilan ay maruruming espiritu? Ito ay isang bagay na hindi mo nakikita. Sa gayon, hindi ka makakaasa sa hitsura o sa nakikita mo mula sa labas para manatiling matatag sa mga salita ng Diyos.

Hinango mula sa “Ang Kahalagahan ng Paghahabol sa Katotohanan at ang Landas ng

Ang katotohanan na kailangang taglayin ng tao ay matatagpuan sa salita ng Diyos, at isang katotohanan ito na lubhang kapaki-pakinabang at nakakatulong sa sangkatauhan. Ito ang pampalakas at panustos na kailangan ng inyong katawan, isang bagay na tumutulong sa panunumbalik ng normal na pagkatao ng tao. Ito ay isang katotohanan na dapat taglayin ng tao. Habang lalo ninyong isinasagawa ang salita ng Diyos, lalong bumibilis ang pamumukadkad ng inyong buhay, at lalong lumilinaw ang katotohanan. Habang lumalago ang inyong tayog, makikita ninyo nang mas malinaw ang mga bagay ng espirituwal na mundo, at lalo kayong lalakas upang magtagumpay laban kay Satanas. Karamihan sa katotohanang hindi ninyo nauunawaan ay lilinaw kapag isinasagawa ninyo ang salita ng Diyos. Karamihan sa mga tao ay nasisiyahan na maunawaan lamang ang teksto ng salita ng Diyos at magtuon sa pagsasangkap sa kanilang sarili ng mga doktrina sa halip na palalimin ang kanilang karanasan sa pagsasagawa, ngunit hindi ba iyon ang paraan ng mga Fariseo? Kaya paano magiging totoo ang pariralang “Ang salita ng Diyos ay buhay” para sa kanila? Hindi makalalago ang buhay ng isang tao sa pagbabasa lamang ng salita ng Diyos, kundi kapag isinasagawa lamang niya ang salita ng Diyos. Kung ang paniniwala mo ay na ang pag-unawa lamang sa salita ng Diyos ang kailangan upang magkaroon ng buhay at tayog, baliko ang pang-unawa mo. Nangyayari ang tunay na pagkaunawa sa salita ng Diyos kapag isinasagawa mo ang katotohanan, at kailangan mong maunawaan na “sa pagsasagawa lamang ng katotohanan ito maaaring maunawaan.” Sa araw na ito, matapos basahin ang salita ng Diyos, masasabi mo lamang na alam mo ang salita ng Diyos, ngunit hindi mo masasabi na nauunawaan mo ito. Sinasabi ng ilan na ang tanging paraan para maisagawa ang katotohanan ay ang unawain muna ito, ngunit medyo tama lamang ito, at walang dudang hindi ganap na tumpak. Bago ka magkaroon ng kaalaman tungkol sa isang katotohanan, hindi mo pa nararanasan ang katotohanang iyon. Ang pakiramdam na nauunawaan mo ang isang bagay na naririnig mo sa

isang sermon ay hindi tunay na pagkaunawa—pagtataglay lamang ito ng literal na mga salita ng katotohanan, at hindi kagaya ng pagkaunawa sa tunay na kahulugan niyon. Hindi dahil mayroon kang malalim na kaalaman tungkol sa katotohanan ay talagang nauunawaan mo na iyon o may kaalaman ka na tungkol doon; ang tunay na kahulugan ng katotohanan ay nanggagaling mula sa pagdanas nito. Samakatuwid, kapag naranasan mo na ang katotohanan, saka mo lamang ito mauunawaan, at saka mo lamang mauunawaan ang mga natatagong bahagi nito. Ang pagpapalalim ng iyong karanasan ang tanging paraan upang maunawaan ang mga natatagong kahulugan at ang diwa ng katotohanan. Samakatuwid, makakapunta ka kahit saan na dala ang katotohanan, ngunit kung wala ang katotohanan sa iyo, huwag mong isiping kumbinsihin kahit ang iyong mga kapamilya, lalo na ang mga relihiyosong tao. Kung wala sa iyo ang katotohanan, para kang lilipad-lipad na niyebe, ngunit kapag nasa iyo ang katotohanan maaari kang maging masaya at malaya, at walang maaaring umatake sa iyo. Gaano man katibay ang isang teorya, hindi nito madaraig ang katotohanan. Kung mayroong katotohanan, ang mundo mismo ay maaaring yanigin at ang mga bundok at dagat ay maaaring ilipat, samantalang kung walang katotohanan ay maaaring durugin ng mga uod ang matitibay na pader ng lungsod. Ito ay isang malinaw na katotohanan.

Hinango mula sa “Sa Sandaling Maunawaan Ninyo ang Katotohanan, Dapat Ninyo Itong Isagawa” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ipinapahayag ng Diyos ang katotohanan para sa mga taong nauuhaw sa katotohanan, naghahanap sa katotohanan, at nagmamahal sa katotohanan. Para naman sa mga yaon na ang pagpapahalaga ay nasa mga titik at doktrina at gustong magbigay ng mahahaba at matatayog na mga pananalita, hindi nila matatamo ang katotohanan kailanman; niloloko nila ang kanilang mga sarili. Mali ang pananaw ng mga taong iyon sa pagbabasa ng mga salita ng Diyos; binabaligtad nila ang pagbasa roon sa tama—maling-mali ang kanilang pananaw. Ang alam lamang ng ilang tao ay saliksikin ang mga salita ng Diyos, na pinag-aaralan ang Kanyang

sinasabi tungkol sa pagiging pinagpala at tungkol sa hantungan ng tao. Kung hindi akma ang mga salita ng Diyos sa kanilang mga kuro-kuro, nagiging negatibo sila at tumitigil sa kanilang paghahabol. Ipinapakita nito na hindi sila interesado sa katotohanan. Dahil dito, hindi nila sineseryoso ang katotohanan; kaya lang nilang tanggapin ang katotohanan ng kanilang mga kuro-kuro at imahinasyon. Bagama't marubdob ang gayong mga tao sa kanilang paniniwala sa Diyos at sinusubukan ang lahat ng paraang kaya nila upang gumawa ng ilang mabubuting gawa at ipakita sa iba na mabuting tao sila, ginagawa lamang nila ito para magkaroon ng magandang hantungan sa hinaharap. Sa kabila ng katotohanan na sumasangkap din sila sa buhay-iglesia, kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos na kasama ng lahat ng iba pa, nahihirapan silang pumasok sa katotohanang realidad at magtamo ng katotohanan. Mayroon pang iba na kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, nguni't sumasama lamang sa agos; iniisip nila na natamo na nila ang katotohanan sa pamamagitan lamang ng pagkaunawa sa ilang titik at doktrina. Mga hangal sila! Ang salita ng Diyos ang katotohanan. Gayunpaman, hindi nangangahulugan na mauunawaan at matatamo ng isang tao ang katotohanan matapos niyang mabasa ang mga salita ng Diyos. Kung nabibigo kang matamo ang katotohanan sa pamamagitan ng pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, kung gayon ang natatamo mo ay mga titik at doktrina. Hindi mo alam kung ano ang kahulugan ng matamo ang katotohanan. Maaaring hawak mo ang mga salita ng Diyos sa iyong palad, nguni't matapos basahin ang mga ito ay bigo ka pa ring maunawaan ang kalooban ng Diyos, nakukuha mo lamang ang ilang titik at doktrina. Una sa lahat, dapat mong matanto na ang salita ng Diyos ay hindi madaling maunawaan; ang salita ng Diyos ay napakalalim. Kung wala kang maraming taon ng karanasan, paano mo posibleng mauunawaan ang salita ng Diyos? Kahit isang pangungusap ng mga salita ng Diyos ay mangangailangan ng iyong buong buhay para lubusang maranasan. Binabasa mo ang mga salita ng Diyos, nguni't hindi mo nauunawaan ang kalooban ng Diyos; hindi mo nauunawaan ang mga hangarin ng Kanyang mga salita, ang pinagmulan

ng mga ito, ang epektong hinahanap na makamit ng mga ito, o kung ano ang hinahanap na maisakatuparan ng mga ito. Kung wala kang nauunawaan sa mga bagay na ito, kung gayon paano mo mauunawaan ang katotohanan? Maaaring maraming beses mo nang nabasa ang mga salita ng Diyos at marahil ay kabisado mo na ang maraming sipi, nguni't hindi ka pa rin nababago, ni nagkakaroon ka ng anumang pag-unlad. Ang iyong kaugnayan sa Diyos ay malayo at hiwalay pa rin tulad ng dati. Mayroon pa ring mga hadlang sa pagitan mo at ng Diyos, tulad ng dati, at nagdududa ka pa rin sa Kanya. Hindi lamang hindi mo nauunawaan ang Diyos, kundi nagdadahilan ka pa sa Kanya at nagkakandili ng mga kuro-kuro tungkol sa Kanya. Nilalabanan mo Siya at nilalapastangan mo pa Siya. Paano ito mangangahulugan na natamo mo na ang katotohanan? Kahit na may kopya ang lahat ng salita ng Diyos na binabasa nila araw-araw, at isinusulat nila ang kaliwanagang natatanggap mula sa pakikisalamuha sa katotohanan, sa huli, nagkakamit ng iba-ibang epekto ang iba-ibang tao. Ang iba ay nakatuon sa mga doktrina, habang ang iba ay nakatuon sa kanilang pagsasagawa. Pinipili ng ibang pag-aralan yaong malalim at mahiwaga, habang ang iba ay pinipiling matuto tungkol sa destinasyon ng tao sa hinaharap. Ang iba ay pinipiling aralin ang mga atas administratibo, habang ang iba ay naghahanap ng mga salitang pang-aliw, at ang iba ay pinipiling basahin ang mga propesiya—iba-iba ang mga bagay na pinagtutuunan ng mga tao. May ibang tao na pinipiling basahin ang mga salitang winiwika ng Banal na Espiritu sa mga simbahan at nais na maging "Aking mga anak na lalaki." Ngunit anong makukuha ng ganitong mga tao sa huli? Sa mga panahon ngayon, may ilang bagong mananampalataya na nagsasabing: "Tingnan kung gaano nakagiginhawa ang salita ng Diyos! 'Aking mga anak, Aking mga anak!' Sino pa ba sa mundo ang makapagkakaloob sa atin ng ganyang pagpapaaliw?" Hindi nila nauunawaan kung para kanino ang mga salitang ito. Kahit pa matapos tanggapin ang bagong gawain ng Diyos para sa isa o dalawang taon, may ilang taong bigo pa ring makaunawa at walang kahihiyang sinasabi ang mga bagay na ito, nang hindi namumula o nakararamdam ng pagkahiya.

Ito ba ang pag-unawa sa katotohanan? Ni hindi nila nauunawaan ang kalooban ng Diyos, ngunit mapangahas na ipinapalagay ang katayuan ng mga anak ng Diyos! Ano ang natututuhan ng ganitong mga tao mula sa salita ng Diyos? Ang tanging ginagawa nila ay ipaliwanag nang mali ang salita ng Diyos! Yaong mga hindi iniibig ang katotohanan ay hindi kailanman matatamo ang katotohanan, kahit na binabasa nila ang salita ng Diyos. Kapag ang isang tao ay walang pagmamahal sa katotohanan, hindi nila ito papansinin, kahit anong pagkikisalamuha pa ang gawin mo sa kanila. Yaong mga nagmamahal sa katotohanan, matapos basahin ang mga salita ng Diyos, ay hahangaring maunawaan ang kalooban ng Diyos; sila ay magsisiyasat, at makipagsalamuha ng katotohanan kasama ang iba. Tanging ang ganitong uri ng tao ang may pag-asang matamo ang katotohanan.

Hinango mula sa “Yaon Lamang mga May Katotohanang Realidad ang May Kakayahang Mamuno” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Pinalalakas ng ilang tao ang kanilang sarili gamit ang katotohanan upang tulungan ang iba at makapaglingkod sa Diyos, at upang wastong mapangunahan ang iglesia. Tama ba ang pananaw na ito? Kahit na gaano karaming mensahe ang narinig mo o kung anuman ang mga plano mo, hayaan mong sabihin Ko kung ano ang pinakakritikal at kung aling pananaw ang pinakatama: Anumang tungkulin ang gampanan mo, at pinuno ka man o hindi, dapat mo munang suriin ang iyong sarili gamit ang mga salita ng Diyos bilang sukatan at isagawa ang mga ito sa iyong sarili. Huwag ituring ang mga salitang ito bilang kasangkapan upang gumawa o bilang mga bagay na naipon mo habang gumagawa. Kung magtatagumpay ka sa lahat ng ito, tiyak na magagawa mo nang maayos ang iyong gawain. Kung lagi mong gustong sinusukat ang ibang mga tao sa panukatan ng mga salitang ito, isinasagawa ang mga ito sa ibang tao, o itinuturing ang mga ito bilang puhunan para sa iyong sariling gawain, kung gayon ay mapapahamak ka; ibig sabihin nito ay tinatahak mo ang landas ni Pablo. Ito ang walang pasubaling katotohanan. Dahil may ganito kang pananaw,

walang kaduda-duda na itinuturing mo ang mga salitang ito bilang doktrina at teorya, at hinahangad mong ipalaganap ito at gawin ang gawain—at ito ay isang napakadelikadong bagay. Kung sinusukat mo ang iyong sarili sa panukatan ng mga salita ng Diyos, at magsimula sa pamamagitan ng pagsasagawa sa mga ito, kung gayon ang unang magbabago at magkakamit ng pagpasok ay ikaw. Tanging sa pagtatamo mo mismo ng isang bagay, magkakaroon ka ng tayog, mga kwalipikasyon, at kakayahan na magawang mabuti ang gawaing dapat mong gawin. Kung ikaw ay walang tayog, walang karanasan, at hindi nakapagkamit ng pagpasok, kung gayon ay bulag kang gumagawa, at bulag na patakbo-takbo, at wala itong tunay na kahihinatnan. Alinmang aspeto ng katotohanang realidad ang narinig mo, kung pinanghahawakan mo ito, kung isinasagawa mo ang mga salitang ito sa iyong buhay, at ginagamit ang mga ito sa iyong pagsasagawa, tiyak na may pakinabang kang makukuha, at tiyak na magbabago ka. Kung isinisiksik mo lang ang mga salitang ito sa iyong tiyan, at kinakabisado ang mga ito sa iyong ulo, hindi ka kailanman magbabago.

Hinango mula sa “Ang Pinakasaligang Pagsasagawa ng Pagiging Isang Taong Tapat” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Maraming tao ang sumusuporta sa pagbabasa ng mga salita ng Diyos araw-araw, hanggang sa puntong maingat nilang isinasaulo ang lahat ng klasikong sipi roon bilang kanilang pinakaiingatang pag-aari, at bukod pa riyan ay ipinangangaral nila ang mga salita ng Diyos kahit saan, tinutustusan at tinutulungan ang iba sa mga salita ng Diyos. Iniisip nila na ang paggawa nito ay pagpapatotoo sa Diyos, pagpapatotoo sa Kanyang mga salita, na ang paggawa nito ay pagsunod sa daan ng Diyos; iniisip nila na ang paggawa nito ay pamumuhay ayon sa mga salita ng Diyos, na ang paggawa nito ay pagdadala ng Kanyang mga salita sa kanilang tunay na pamumuhay, na ang paggawa nito ay magbibigay-daan para purihin sila ng Diyos, at maligtas at magawang perpekto. Ngunit, kahit ipinangangaral nila ang mga salita ng Diyos, hindi nila kailanman sinusunod ang mga salita ng

Diyos sa kanilang pagsasagawa, o sinusubukang iayon ang kanilang sarili sa inihahayag sa mga salita ng Diyos. Sa halip, ginagamit nila ang mga salita ng Diyos para matamo ang paghanga at tiwala ng iba sa pamamagitan ng pandaraya, para pasuking mag-isa ang pamamahala, at lustayin at nakawin ang kaluwalhatian ng Diyos. Umaasa sila, nang walang saysay, na samantalahin ang pagkakataong ibinibigay sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng mga salita ng Diyos para magantimpalaan ng paggawa ng Diyos at ng Kanyang papuri. Ilang taon na ang lumipas, ngunit hindi lamang walang kakayahang maani ng mga taong ito ang papuri ng Diyos sa proseso ng pangangaral ng mga salita ng Diyos, at hindi lamang sila walang kakayahang tuklasin ang daan na dapat nilang sundan sa proseso ng pagpapatotoo sa mga salita ng Diyos, at hindi lamang nila hindi tinulungan o tinustusan ang kanilang sarili sa proseso ng pagtulong at pagtustos sa iba sa mga salita ng Diyos, at hindi lamang sila walang kakayahang kilalanin ang Diyos, o pukawin ang kanilang sarili sa tunay na pagpipitagan sa Diyos, sa proseso ng paggawa ng lahat ng bagay na ito; kundi, bagkus, lalong lumalalim ang kanilang mga maling pagkaunawa tungkol sa Diyos, lalo pang lumalala ang kawalan nila ng tiwala sa Kanya, at lalong lumalabis ang kanilang mga imahinasyon tungkol sa Kanya. Dahil tinutustusan at ginagabayan ng kanilang mga teorya tungkol sa mga salita ng Diyos, mukha silang masiglang-masigla, na para bang ginagamit nila ang kanilang angking mga galing nang walang kahirap-hirap, na para bang natagpuan na nila ang kanilang layunin sa buhay, kanilang misyon, at para bang nagkaroon na sila ng bagong buhay at naligtas, na para bang, sa mga salita ng Diyos na malutong na binibigkas ng kanilang dila, natamo na nila ang katotohanan, naintindihan ang mga layon ng Diyos, at natuklasan ang landas tungo sa pagkilala sa Diyos, na para bang, sa proseso ng pangangaral ng mga salita ng Diyos, madalas nilang makaharap ang Diyos. Gayundin, madalas silang “nauudyukan” na manaka-nakang umiyak, at, madalas na inaakay ng “Diyos” sa mga salita ng Diyos, mukha silang walang-tigil sa pag-intindi sa Kanyang maalab na pagmamalasakit at mabuting layon, at kasabay noon ay naintindihan nila ang pagliligtas ng

Diyos sa tao at ang Kanyang pamamahala, nalaman ang Kanyang diwa, at naunawaan ang Kanyang matuwid na disposisyon. Batay sa pundasyong ito, tila lalo pang tumibay ang kanilang paniniwala na mayroong Diyos, mas napapansin nila ang Kanyang dakilang kalagayan, at nadarama nang mas matindi ang Kanyang karingalan at kadakilaan. Babad sa mababaw na kaalaman tungkol sa mga salita ng Diyos, magmumukhang lumago na ang kanilang pananampalataya, lumakas ang determinasyon nilang magtiis ng pagdurusa, at lumalim ang kaalaman nila tungkol sa Diyos. Hindi nila alam na, hangga't hindi nila nararanasan talaga ang mga salita ng Diyos, lahat ng kaalaman nila tungkol sa Diyos at ang kanilang mga ideya tungkol sa Kanya ay nanggagaling sa sarili nilang mga minimithing imahinasyon at haka-haka. Hindi tatagal ang kanilang pananampalataya sa ilalim ng anumang klaseng pagsubok ng Diyos, ang kanilang tinatawag na espirituwalidad at tayog ay hindi talaga tatagal sa ilalim ng pagsubok o pagsusuri ng Diyos, ang kanilang matibay na pasiya ay isang kastilyong buhangin lamang, at ang tinatawag nilang kaalaman tungkol sa Diyos ay kathang-isip lamang nila. Sa katunayan, ang mga taong ito na nagsisikap nang husto, kahit paano, sa mga salita ng Diyos, ay hindi pa natanto kailanman kung ano ang tunay na pananampalataya, ano ang tunay na pagsunod, ano ang tunay na pagmamalasakit, o ano ang tunay na kaalaman tungkol sa Diyos. Kinukuha nila ang teorya, imahinasyon, kaalaman, kaloob, tradisyon, pamahiin, at maging ang mga kagandahang-asal ng sangkatauhan, at ginagawang "puhunan" at "mga sandata" ang mga ito sa paniniwala sa Diyos at pagsunod sa Kanya, ginagawa pa ngang pundasyon ang mga ito ng kanilang paniniwala sa Diyos at pagsunod sa Kanya. Kasabay nito, kinukuha rin nila ang puhunan at mga sandatang ito at ginagawang mga anting-anting para kilalanin ang Diyos, harapin at pakitunguhan ang mga pagsusuri, pagsubok, pagkastigo, at paghatol ng Diyos. Sa huli, ang natamo pa rin nila ay walang iba kundi mga palagay tungkol sa Diyos na puno ng relihiyosong pakahulugan, makalumang pamahiin, at lahat ng romantiko, katawa-tawa, at misteryoso. Ang kanilang paraan ng pagkilala at paglalarawan sa Diyos ay katulad ng sa mga taong

naniniwala lamang sa Langit sa Itaas o sa Matandang Tao sa Langit, samantalang ang pagiging totoo ng Diyos, ang Kanyang diwa, Kanyang disposisyon, Kanyang mga pag-aari at katauhan, at iba pa—lahat ng may kaugnayan sa totoong Diyos Mismo—ay mga bagay na hindi naintindihan ng kanilang kaalaman, na lubhang hiwalay sa kanilang kaalaman, at magkasinglayo pa na tulad ng hilaga at timog. Sa ganitong paraan, bagama't ang mga taong ito ay nasa ilalim ng panustos at pangangalaga ng mga salita ng Diyos, sila magkagayunman ay hindi tunay na nakatahak sa landas ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan. Ang totoong dahilan nito ay na hindi talaga nila nakilala ang Diyos kailanman, ni hindi sila nagkaroon ng tunay na pakikipag-ugnayan o pakikipagniig sa Kanya kailanman, kaya nga imposible silang magkaunawaan ng Diyos, o mapukaw sa kanila ang tunay na paniniwala, pagsunod, o pagsamba sa Diyos. Na dapat nilang isaalang-alang ang mga salita ng Diyos nang gayon, na dapat nilang isaalang-alang ang Diyos nang gayon—ang pananaw at saloobing ito ang naging dahilan kaya bumalik sila na walang napala sa kanilang mga pagsisikap, kaya hindi nila nagawa kailanman na tumahak sa landas ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan sa buong kawalang-hanggan. Ang layuning kanilang inaasam, at ang direksyong kanilang tinutungo, ay nagpapahiwatig na sila ay mga kaaway ng Diyos hanggang sa kawalang-hanggan, at na hindi sila kailanman tatanggap ng kaligtasan hanggang sa kawalang-hanggan.

Hinango mula sa "Pagkilala sa Diyos ang Landas tungo sa Pagkakaroon ng Takot sa Diyos at Pag-iwas sa Kasamaan" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang inyong mga ikinilos sa Aking presensiya sa loob ng maraming taon ay nagbigay sa Akin ng kasagutan na wala pang naging katulad sa nagdaan, at ang tanong sa sagot na ito ay: "Ano ang saloobin ng tao sa harap ng katotohanan at sa tunay na Diyos?" Ang mga pagsisikap na ibinuhos Ko sa tao ay nagpapatunay ng Aking diwa ng pagmamahal sa tao, at ang lahat ng ginawa ng tao sa Aking presensiya ay nagpapatunay ng kanyang diwa ng pagkamuhi sa katotohanan at pagsalungat sa Akin. Sa

lahat ng panahon, Ako ay nag-aalala sa lahat ng sumusunod sa Akin, ngunit walang panahon na ang mga taong sumunod sa Akin ay nakayanang tumanggap ng Aking mga salita; maging ang Aking mga mungkahi ay hindi nila natatanggap. Ito ang nagpapalungkot sa Akin nang higit sa lahat. Walang sinuman ang kayang makaunawa sa Akin at, higit pa rito, walang sinumang nakatanggap sa Akin, kahit pa ang Aking saloobin ay matapat at ang Aking mga salita ay malumanay. Sinusubukan ng bawat isa na gawin ang gawaing ipinagkatiwala Ko sa kanila alinsunod sa kanilang sariling mga ideya; hindi nila inaalam ang Aking mga layunin, at lalong hindi nila itinatanong kung ano ang hinihingi Ko sa kanila. Sinasabi pa rin nilang naglilingkod sila nang tapat sa Akin, habang silang lahat ay naghihimagsik laban sa Akin. Marami ang naniniwala na ang mga katotohanan na hindi katanggap-tanggap sa kanila o hindi nila kayang isagawa ay hindi mga katotohanan. Sa ganitong uri ng mga tao, ang Aking mga katotohanan ay nagiging bagay na pinasisinungalingan at isinasaisang-tabi. Kasabay nito, kinikilala Ako ng mga tao bilang Diyos sa salita, ngunit naniniwala din sila na Ako ay isang tagalabas na hindi ang katotohanan, ang daan, o ang buhay. Walang nakaaalam sa katotohanang ito: Ang Aking mga salita ay ang katotohanang hindi magbabago kailanman. Ako ang tagapagbigay ng buhay para sa tao at ang tanging gabay para sa sangkatauhan. Ang halaga at kahulugan ng Aking mga salita ay hindi itinatakda ng pagkilala o pagtanggap ng sangkatauhan, kundi ng mismong diwa ng mga salita. Kahit na wala ni isang tao sa daigdig na ito ang makatatanggap ng Aking mga salita, ang halaga ng Aking mga salita at ang tulong ng mga ito sa sangkatauhan ay hindi masusukat ng sinumang tao. Samakatuwid, kapag nahaharap sa maraming tao na naghihimagsik, nagpapabulaan, o lubos na nanglalait sa Aking mga salita, ang Aking paninindigan ay ito lamang: Hayaan ang panahon at katunayan na maging saksi Ko at magpakita na ang Aking mga salita ang katotohanan, ang daan, at ang buhay. Hayaang ipakita ng mga ito na ang lahat ng Aking sinabi ay tama, at iyon ang dapat na maipagkaloob sa tao, at, higit pa rito, ito ang dapat tanggapin ng tao.

Hahayaan Ko ang lahat ng sumusunod sa Akin na malaman ang katunayang ito: Ang mga hindi kayang tumanggap nang lubos sa Aking mga salita, ang mga hindi kayang isagawa ang Aking mga salita, ang mga hindi makahanap ng layunin sa Aking mga salita, at ang mga hindi tumanggap ng kaligtasan dahil sa Aking mga salita, ay ang mga taong nakondena ng Aking mga salita at, bukod dito, nawalan ng Aking kaligtasan, at hindi kailanman malilihis ang Aking tungkod sa kanila.

Hinango mula sa “Dapat Ninyong Isaalang-alang ang Inyong mga Gawa” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

5. Ang mga Prinsipyo ng Pagkakilala sa mga Salita ng Diyos

(1) Kapag kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, kinakailangang bulay-bulayin ang mga ito nang taimtim, na may mapanalangining puso, at hanapin ang kaliwanagan at pagpapalinaw ng Banal na Espiritu. Saka lamang unti-unting mauunawaan ng isang tao ang katotohanan;

(2) Kapag binabasa ang mga salita ng Diyos, kinakailangang hangaring maunawaan ang Kanyang kalooban at mga hinihinging kailangan, pati na ang mga epekto na layon Niyang makamit sa pagsasalita ng mga ito. Ganito ang ibig sabihin na magkaroon ng kaalaman sa mga salita ng Diyos;

(3) Kinakailangang hanapin ang mga pagkakadetalye ng bawat aspekto ng katotohanan sa mga salita ng Diyos at ang buong kahulugan ng mga ito. Saka lamang madaling mauunawaan ang katotohanan ng mga salita ng Diyos;

(4) Dapat pagtuunang isagawa ng isang tao ang mga salita ng Diyos, at sa pamamagitan ng pagsasagawa at pagdanas ng mga ito, matamo ang kaliwanagan ng Banal na Espiritu. Saka lamang maaaring maunawaan ng isang tao ang diwa at tunay na kahulugan ng katotohanan.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Bago isakatuparan ng tao ang salita ng Diyos, kailangan niyang malaman ang salita ng Diyos; ibig sabihin, kailangan niyang maunawaan ang kalooban ng Diyos. Sa ganitong paraan lamang maisasakatuparan ang salita ng Diyos nang tumpak at alinsunod sa kalooban ng Diyos. Ito ay isang bagay na kailangang taglayin ng lahat ng naghahanap sa katotohanan, at ito rin ang prosesong kailangang pagdaanan ng lahat ng nagsisikap na makilala ang Diyos. Ang proseso ng pag-alam sa salita ng Diyos ay ang proseso ng pagkilala sa Diyos at pag-alam sa gawain ng Diyos. Kaya, ang pag-alam sa mga pangitain ay hindi lamang tumutukoy sa pagkilala sa pagkatao ng Diyos na nagkatawang-tao, kundi kabilang din ang pag-alam sa salita at gawain ng Diyos. Mula sa salita ng Diyos nauunawaan ng mga tao ang kalooban ng Diyos, at mula sa gawain ng Diyos nalalaman nila ang disposisyon ng Diyos at kung ano ang Diyos.

Hinango mula sa “Ang mga Nakakakilala Lamang sa Diyos ang Maaaring Magpatotoo sa Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa paghahangad ng buhay, dapat mong bigyan pansin ang dalawang bagay: una, ang pag-unawa sa katotohanang napapaloob ng salita ng Diyos; pangalawa, ang pag-unawa sa sarili mo sa loob ng salita ng Diyos. Ang dalawang bagay na ito ang pinakapangunahin. Walang buhay o katotohanan sa labas ng salita ng Diyos. Kung hindi mo hinahanap ang katotohanang napapaloob sa salita ng Diyos, saan, kung ganoon, mo ito puwedeng hanapin? Saan ba may katotohanan sa daigdig? Saan ba may anumang katotohanang masasabi sa mga aklat ng daigdig? Ang mga pinakamahalagang bahagi ng pag-unawa sa katotohahang napapaloob sa salita ng Diyos ay ang pag-unawa sa Diyos sa loob ng salita Niya, pag-unawa sa buhay ng taong napapaloob sa salita Niya, pag-unawa sa lahat ng aspeto ng katotohanang napapaloob sa salita Niya, tunay na pag-unawa sa sarili, at pagtuklas sa kahulugan ng pag-iral ng sangkatauhan sa loob ng salita ng Diyos. Lahat ng katotohanan ay napapaloob sa salita ng Diyos. Hindi ka makakapasok sa katotohanan maliban kung ginawa ito sa pamamagitan ng salita ng Diyos. Ang pangunahing kalalabasang kailangan

mong maabot ay ang malaman kung ano ang magkaroon ng tunay na pag-unawa sa salita ng Diyos. Sa tunay na pag-unawa sa salita ng Diyos, mauunawaan mo ang katotohanan: Ito ang pinakapangunahing bagay.

Hinango mula sa “Sa Pamamagitan Lamang ng Paghahabol sa Katotohanan Nakakamit ng Isang Tao ang Pagbabago sa Disposisyon” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung mula sa mga salita ng Diyos ay hindi mo nauunawaan ang kalooban ng Diyos at ang mga hangarin sa likod ng Kanyang mga pagbigkas, kung hindi mo nauunawaan ang mga mithiin at resultang hinahangad na makamit ng Kanyang mga salita, kung hindi mo nauunawaan ang hinahanap na maisakatuparan at maperpekto ng Kanyang mga salita sa tao, kung hindi mo nauunawaan ang mga bagay na ito, kung gayon pinatutunayan nito na hindi mo pa naiintindihan ang katotohanan. Bakit sinasabi ng Diyos ang Kanyang sinasabi? Bakit Siya nagsasalita sa ganoong tono? Bakit Siya’y napakamasigasig at taos sa bawa’t salitang Kanyang sinasambit? Bakit Niya pinipiling gamitin ang ilang salita? Alam mo ba? Kung hindi mo masabi nang may katiyakan, ibig sabihin nito ay hindi mo nauunawaan ang kalooban ng Diyos o ang Kanyang mga hangarin, hindi mo nauunawaan ang konteksto sa likod ng Kanyang mga salita. Kung hindi mo ito naiintindihan, kung gayon paano mo matatamo ang katotohanan? Ang ibig sabihin ng pagtatamo ng katotohanan ay pag-unawa sa kahulugan ng Diyos sa pamamagitan ng bawa’t salitang Kanyang sinasabi; ang ibig sabihin nito ay naisasagawa mo ang mga salita ng Diyos sa sandaling naunawaan mo na ang mga ito, para maisabuhay mo ang mga salita ng Diyos at maging iyong realidad. Kapag mayroon ka nang lubos na pagkaunawa sa salita ng Diyos, saka mo lamang tunay na mauunawaan ang katotohanan.

Hinango mula sa “Yaon Lamang mga May Katotohanang Realidad ang May Kakayahang Mamuno” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang makarating sa tunay na pagkaunawa ng mga salita ng Diyos ay hindi simpleng bagay. Huwag kang mag-isip nang ganito: “Naipapaliwanag ko ang literal na kahulugan ng mga salita ng Diyos, at sinasabi ng lahat na

magaling ang aking pagpapaliwanag, at sinasang-ayunan nila ako, kaya ibig sabihin nito ay nauunawaan ko ang mga salita ng Diyos.” Hindi ito kapareho ng pag-unawa sa mga salita ng Diyos. Kung nakatamo ka na ng kaunting liwanag mula sa mga pagpapahayag ng Diyos, at medyo naunawaan mo na ang tunay na kahulugan ng mga salita Niya; at kung naipapahayag mo ang layunin sa likod ng mga salita Niya at kung ano ang ibubunga ng mga ito sa huli, sa sandaling malinaw mo nang maunawaan ang lahat ng ito, maituturing ka nang nagtataglay ng kaunting pagkaunawa sa mga salita ng Diyos. Kaya, hindi ganoon kasimple ang maunawaan ang mga salita ng Diyos. Hindi dahil nakapagbibigay ka ng mabulaklak na paliwanag sa literal na kahulugan ng mga salita ng Diyos ay nangangahulugang nauunawaan mo ang mga ito. Gaano mo man maipaliliwanag ang literal na kahulugan ng mga ito, nakabatay pa rin ang iyong paliwanag sa guni-guni at paraan ng pag-iisip ng tao. Walang silbi ito! Paano mo mauunawaan ang mga salita ng Diyos? Ang susi ay hanapin ang katotohanang nakapaloob sa mga iyon; sa gayong paraan mo lamang tunay na mauunawaan ang Kanyang sinasabi. Tuwing nagsasalita ang Diyos, tiyak na hindi Siya nagsasalita sa pangkalahatan lamang. Bawa’t pangungusap na binibigkas Niya ay naglalaman ng mga detalyeng tiyak na ihahayag pa sa mga salita ng Diyos, at maaaring maipahayag ang mga ito sa ibang paraan. Hindi maaarok ng tao ang mga paraan ng pagpapahayag ng Diyos ng katotohanan. Ang mga pagbigkas ng Diyos ay napakalalim at hindi maaarok gamit ang paraan ng pag-iisip ng tao. Maaaring matuklasan ng mga tao ang buong kahulugan ng bawa’t aspeto ng katotohanan hangga’t pinagsisikapan nila; kung gagawin mo ito, kung gayon habang nararanasan mo ang mga ito, ang mga detalyeng natitira ay mapupunan nang lubusan habang nililiwanagan ka ng Banal na Espiritu, sa gayo’y binibigyan ka ng pagkaunawa tungkol sa tunay na mga katayuang ito. Ang isang bahagi ay pag-unawa sa mga salita ng Diyos at paghahanap sa partikular na nilalaman ng mga ito sa pamamagitan ng pagbasa sa mga ito. Ang isa pang bahagi ay pag-unawa sa mga kahulugan ng mga salita ng Diyos sa pamamagitan ng pagdanas sa mga ito at pagtatamo ng

kaliwanagan mula sa Banal na Espiritu. Sa dalawang paraang ito makakamtan una sa lahat ang tunay na pagkaunawa sa mga salita ng Diyos. Kung binibigyang-kahulugan mo ang Kanyang mga salita nang literal o inaaninag sa pamamagitan ng lente ng iyong sariling pag-iisip o imahinasyon, kung gayon ang iyong pagkaunawa tungkol sa mga salita ng Diyos ay hindi tunay kahit gaano kahusay mong nabibigyang-kahulugan ang mga ito. Maaari mo pa ngang makuha ang kanilang kahulugan nang wala sa konteksto at magkamali ng pakahulugan sa mga ito, at ang paggawa nang ganoon ay higit pa ngang nagsasanhi ng kaguluhan. Kaya, ang katotohanan ay pangunahing nakukuha sa pamamagitan ng pagtanggap ng pagliliwanag mula sa Banal na Espiritu sa pamamagitan ng pagtatamo ng kaalaman tungkol sa mga salita ng Diyos. Ang pag-unawa sa literal na kahulugan ng Kanyang mga salita o kakayanang ipaliwanag ang mga ito ay hindi ibinibilang na pagkakamit na ng katotohanan. Kung kailangan mo lamang bigyang-kahulugan ang literal na kahulugan ng Kanyang mga salita, ano kung gayon ang silbi ng pagliliwanag ng Banal na Espiritu? Kung magkagayon kakailanganin mo lamang magkaroon ng partikular na antas ng edukasyon, at ang mga di-nakapag-aral ay malalagay na lahat sa alanganin. Ang gawain ng Diyos ay hindi isang bagay na naaabot ng utak ng tao. Ang tunay na pagkaunawa sa mga salita ng Diyos ay pangunahing nakadepende sa pagkakaroon ng kaliwanagan mula sa Banal na Espiritu; ganyan ang proseso ng pagkamit ng katotohanan.

Hinango mula sa “Paano Malalaman ang Kalikasan ng Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang gawain at salita ng Diyos ay naglalayong magsanhi ng pagbabago sa inyong disposisyon; ang Kanyang mithiin ay hindi lamang basta ipaunawa o ipaalam sa inyo ang Kanyang gawain at salita. Hindi iyon sapat. Ikaw ay isang taong may kakayahang umunawa, kaya hindi ka dapat mahirapan sa pag-unawa sa salita ng Diyos, dahil karamihan sa salita ng Diyos ay nakasulat sa wika ng tao, at napakalinaw Niyang

magsalita. Halimbawa, kayang-kaya mong malaman ang nais ipaunawa at ipasagawa sa inyo ng Diyos; ito ay isang bagay na dapat kayang gawin ng isang taong may kakayahang umunawa. Sa partikular, ang mga salitang sinasambit ng Diyos sa kasalukuyang yugto ay napakaliwanag at napakalinaw, at itinuturo ng Diyos ang maraming hindi pa naisaalang-alang ng mga tao, gayundin ang lahat ng uri ng kalagayan ng tao. Ang Kanyang mga salita ay para sa lahat, at kasingliwanag ng bilog na buwan. Kaya ngayon, nauunawaan ng mga tao ang maraming isyu, ngunit may kulang pa rin—ang pagsasagawa ng mga tao sa Kanyang salita. Kailangang maranasan ng mga tao ang lahat ng aspeto ng katotohanang nang detalyado, at tuklasin at hangarin ito nang mas detalyado, sa halip na basta maghintay na tanggapin kung ano ang ibigay sa kanila; kung hindi ay nagiging mga palaasa lang sila sa iba. Alam nila ang salita ng Diyos, subalit hindi nila ito isinasagawa. Ang ganitong uri ng tao ay walang pagmamahal sa katotohanan at sa huli ay aalisin. Para maging katulad ng isang Pedro sa dekada 90, nangangahulugan ito na bawat isa sa inyo ay dapat isagawa ang salita ng Diyos, magkaroon ng tunay na pagpasok sa inyong mga karanasan at magkamit ng higit pa at mas dakilang kaliwanagan sa inyong pakikipagtulungan sa Diyos, na magdadala ng higit at higit pang tulong sa sarili ninyong buhay. Kung marami na kayong nabasa sa salita ng Diyos ngunit nauunawaan lamang ninyo ang kahulugan ng teksto at wala kayong personal na kaalaman sa salita ng Diyos sa pamamagitan ng inyong praktikal na mga karanasan, hindi mo malalaman ang salita ng Diyos. Para sa iyo, ang salita ng Diyos ay hindi buhay, kundi mga titik lamang na walang buhay. At kung ang ipamumuhay mo ay mga titik lamang na walang buhay, hindi mo mauunawaan ang diwa ng salita ng Diyos, ni mauunawaan ang Kanyang kalooban. Kapag naranasan mo na ang Kanyang salita sa iyong mga tunay na karanasan, saka lamang kusang mahahayag sa iyo ang espirituwal na kahulugan ng salita ng Diyos, at sa pamamagitan lamang ng karanasan mo mauunawaan ang espirituwal na kahulugan ng maraming katotohanan at mabubuksan ang mga hiwaga ng salita ng Diyos. Kung hindi mo ito isasagawa, gaano

man kalinaw ang Kanyang salita, ang tanging naunawaan mo ay mga hungkag na titik at doktrina lamang, na naging mga tuntuning pangrelihiyon na sa iyo. Hindi ba ito ang ginawa ng mga Fariseo? Kung isinasagawa at nararanasan ninyo ang salita ng Diyos, nagiging praktikal ito sa inyo; kung hindi ninyo hinahangad isagawa ito, hihigit lang nang kaunti sa alamat ng ikatlong langit ang salita ng Diyos para sa iyo. Sa katunayan, ang proseso ng paniniwala sa Diyos ay ang proseso ng inyong pagdanas sa Kanyang salita gayundin ang pagiging nakamit Niya, o para mas maliwanag, ang maniwala sa Diyos ay ang magkaroon ng kaalaman at pagkaunawa sa Kanyang salita at ang maranasan at isabuhay ang Kanyang salita; ganyan ang realidad sa likod ng inyong paniniwala sa Diyos. Kung kayo ay naniniwala sa Diyos at umaasa sa buhay na walang hanggan nang hindi naghahangad na isagawa ang salita ng Diyos bilang isang bagay na nasa inyong kalooban, kayo ay hangal. Magiging para itong pagpunta sa isang piging at pagtingin lamang sa pagkain at pagsasaulo kung alin ang masarap nang hindi man lamang tinitikman ang alinman dito. Hindi ba hangal ang gayong tao?

Ang katotohanan na kailangang taglayin ng tao ay matatagpuan sa salita ng Diyos, at isang katotohanan ito na lubhang kapaki-pakinabang at nakakatulong sa sangkatauhan. Ito ang pampalakas at panustos na kailangan ng inyong katawan, isang bagay na tumutulong sa panunumbalik ng normal na pagkatao ng tao. Ito ay isang katotohanan na dapat taglayin ng tao. Habang lalo ninyong isinasagawa ang salita ng Diyos, lalong bumibilis ang pamumukadkad ng inyong buhay, at lalong lumilinaw ang katotohanan. Habang lumalago ang inyong tayog, makikita ninyo nang mas malinaw ang mga bagay ng espirituwal na mundo, at lalo kayong lalakas upang magtagumpay laban kay Satanas. Karamihan sa katotohanang hindi ninyo nauunawaan ay lilinaw kapag isinasagawa ninyo ang salita ng Diyos. Karamihan sa mga tao ay nasisiyahan na maunawaan lamang ang teksto ng salita ng Diyos at magtuon sa pagsasangkap sa kanilang sarili ng mga doktrina sa halip na palalimin ang kanilang karanasan sa pagsasagawa, ngunit hindi ba iyon ang paraan ng mga Fariseo? Kaya paano magiging

totoo ang pariralang “Ang salita ng Diyos ay buhay” para sa kanila? Hindi makalalago ang buhay ng isang tao sa pagbabasa lamang ng salita ng Diyos, kundi kapag isinasagawa lamang niya ang salita ng Diyos. Kung ang paniniwala mo ay na ang pag-unawa lamang sa salita ng Diyos ang kailangan upang magkaroon ng buhay at tayog, baliko ang pang-unawa mo. Nangyayari ang tunay na pagkaunawa sa salita ng Diyos kapag isinasagawa mo ang katotohanan, at kailangan mong maunawaan na “sa pagsasagawa lamang ng katotohanan ito maaaring maunawaan.” Sa araw na ito, matapos basahin ang salita ng Diyos, masasabi mo lamang na alam mo ang salita ng Diyos, ngunit hindi mo masasabi na nauunawaan mo ito. Sinasabi ng ilan na ang tanging paraan para maisagawa ang katotohanan ay ang unawain muna ito, ngunit medyo tama lamang ito, at walang dudang hindi ganap na tumpak. Bago ka magkaroon ng kaalaman tungkol sa isang katotohanan, hindi mo pa nararanasan ang katotohanang iyon. Ang pakiramdam na nauunawaan mo ang isang bagay na naririnig mo sa isang sermon ay hindi tunay na pagkaunawa—pagtataglay lamang ito ng literal na mga salita ng katotohanan, at hindi kagaya ng pagkaunawa sa tunay na kahulugan niyon. Hindi dahil mayroon kang malalim na kaalaman tungkol sa katotohanan ay talagang nauunawaan mo na iyon o may kaalaman ka na tungkol doon; ang tunay na kahulugan ng katotohanan ay nanggagaling mula sa pagdanas nito. Samakatuwid, kapag naranasan mo na ang katotohanan, saka mo lamang ito mauunawaan, at saka mo lamang mauunawaan ang mga natatagong bahagi nito. Ang pagpapalalim ng iyong karanasan ang tanging paraan upang maunawaan ang mga natatagong kahulugan at ang diwa ng katotohanan.

Hinango mula sa “Sa Sandaling Maunawaan Ninyo ang Katotohanan, Dapat Ninyo Itong Isagawa” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang pagkilala sa Diyos ay kailangang maisagawa sa pamamagitan ng pagbasa at pag-unawa sa mga salita ng Diyos. Sinasabi ng ilan: “Hindi ko pa nakikita ang Diyos na nagkatawang-tao, kaya paano ko makikilala ang Diyos?” Sa katunayan, ang mga salita ng Diyos ay isang pagpapahayag ng

Kanyang disposisyon. Mula sa mga salita ng Diyos, makikita mo ang Kanyang pagmamahal at pagliligtas para sa mga tao, gayundin ang Kanyang pamamaraan ng pagliligtas sa kanila…. Ito ay dahil ang Kanyang mga salita ay ipinahayag ng Diyos Mismo, hindi isinulat ng mga tao. Personal na ipinahayag ng Diyos ang mga ito; ipinapahayag ng Diyos Mismo ang sarili Niyang mga salita at tinig na nasa Kanyang kalooban. Bakit tinatawag ang mga ito na mga salitang nagmumula sa puso? Dahil ang mga ito ay nagmumula sa kaibuturan, at nagpapahayag ng Kanyang disposisyon, Kanyang kalooban, Kanyang mga iniisip, Kanyang pagmamahal sa sangkatauhan, Kanyang pagliligtas sa sangkatauhan, at Kanyang mga inaasahan sa sangkatauhan…. Kasama sa mga pahayag ng Diyos ang masasakit na salita, at banayad at may konsiderasyong mga salita, gayundin ang ilang salitang nagbubunyag na hindi naaayon sa mga naisin ng tao. Kung titingnan mo lamang ang mga salitang nagbubunyag, maaari mong madama na medyo mabagsik ang Diyos. Kung titingnan mo lamang ang mga banayad na salita, maaari mong madama na hindi gaanong makapangyarihan ang Diyos. Samakatuwid ay hindi mo dapat unawain ang mga ito nang wala sa konteksto; sa halip, tingnan mo ang mga ito mula sa bawat anggulo. Kung minsan ay nagsasalita ang Diyos mula sa isang banayad at mahabaging pananaw, at pagkatapos ay nakikita ng mga tao ang Kanyang pagmamahal para sa sangkatauhan; kung minsan ay nagsasalita Siya mula sa napaka-istriktong pananaw, at pagkatapos ay nakikita ng mga tao ang Kanyang disposisyon na hindi magkukunsinti sa kasalanan. Ang tao ay nakalulungkot ang karumihan, at hindi siya karapat-dapat na tumingin sa mukha ng Diyos o humarap sa Kanya. Tinutulutan na ngayon ang mga tao na humarap sa Kanya dahil lamang sa Kanyang biyaya. Makikita ang karunungan ng Diyos sa paraan ng Kanyang paggawa at sa kabuluhan ng Kanyang gawain. Nakikita pa rin ng mga tao ang mga bagay na ito sa mga salita ng Diyos, kahit walang anumang tuwirang pakikipag-ugnayan mula sa Kanya. Kapag nakaugnayan ng isang taong tunay na nakakakilala sa Diyos si Cristo, ang pagtatagpo nila ni Cristo ay maaaring tumugma sa kanyang kasalukuyang

kaalaman tungkol sa Diyos; gayunman, kapag ang Diyos ay nakatagpo ng sinumang mayroon lamang teoretikal na pagkaunawa, hindi niya nakikita ang koneksyon. Ang aspetong ito ng katotohanan ang pinakamalalim sa lahat ng hiwaga; mahirap itong arukin. Ibuod ang mga salita ng Diyos tungkol sa hiwaga ng pagkakatawang-tao, tingnan ang mga ito mula sa lahat ng anggulo, pagkatapos ay sama-samang manalangin, magnilay-nilay, at higit pang magbahagi tungkol sa aspetong ito ng katotohanan. Sa paggawa nito, magtatamo ka ng kaliwanagan ng Banal na Espiritu at makakaunawa ka. Dahil walang pagkakataon ang mga tao na tuwirang makaugnayan ang Diyos, kailangan nilang umasa sa ganitong uri ng karanasan para maingat silang makapagpatuloy at unti-unting makapasok upang magtamo ng tunay na kaalaman tungkol sa Diyos.

Hinango mula sa “Paano Kikilalanin ang Diyos na Nagkatawang-tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

6. Ang mga Prinsipyo ng Pakikipagniig sa Diyos

(1) Manalangin sa Diyos sa pamamagitan ng Kanyang mga salita, hanapin ang katotohanan at magtangkang unawain ang Kanyang kalooban, at makuha ang kaliwanagan ng Banal na Espiritu. Ito ang tunay na pakikipagniig sa Diyos;

(2) Sa pagsasagawa at pagdanas ng mga salita ng Diyos, dapat matutuhan ng isang tao na manalanging-binabasa ang mga ito, na hinahanap ang katotohanan. Sa pamamagitan ng pananalangin sa ganitong paraan, madaling nakukuha ang kaliwanagan at pagpapalinaw ng Banal na Espiritu;

(3) Ang lahat ng salita ng Diyos ay pawang katotohanan. Sa pamamagitan lamang ng madalas na pananalangin sa Diyos sa Kanyang mga salita maaaring magkamit ang isang tao ng pagkaunawa sa Kanyang kalooban at isang landas sa pagsasagawa;

(4) Sa pamamagitan ng pananalangin sa Diyos at pag-unawa sa Kanyang kalooban sa gitna ng mga pagsubok at pagdadalisay, at pagkakamit ng totohanang pakikipagniig sa Kanya, madaling makikilala at

makapagpapasakop ang isang tao sa Diyos kapag humaharap sa Kanya.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Paano mapananatili ng mga tao ang isang relasyon sa Diyos? At sa ano sila dapat umasa upang magawa ito? Dapat silang umasa sa pagsamo sa Diyos, pananalangin sa Diyos, at pakikipagniig sa Diyos sa kanilang mga puso. Sa isang relasyong tulad nito, laging namumuhay ang mga tao sa harap ng Diyos, at napakapayapa ng gayong mga tao. May ilang tao na ginugugol ang lahat ng kanilang oras sa mga panlabas na kilos, nagpapakaabala sa mga panlabas na gawain. Pagkalipas ng isa o dalawang araw na walang espirituwal na buhay, wala silang nadarama; pagkalipas ng tatlo o limang araw, o isa o dalawang buwan, wala pa rin silang nadarama; hindi sila nanalangin, nagsumamo o espirituwal na nakipagniig. Ang pagsamo ay kung may nangyayari sa iyo, at hinihiling mo sa Diyos na tulungan ka, gabayan ka, pagkalooban ka, liwanagan ka, at pahintulutan kang maunawaan ang Kanyang kalooban at malaman kung ano ang dapat gawin ayon sa katotohanan. Mas malawak ang saklaw ng panalangin: Kung minsan sinasabi mo ang mga salita na nasa puso mo, kinakausap ang Diyos tungkol sa iyong mga paghihirap o pagkanegatibo at kahinaan; kaya, gayundin, nananalangin ka sa Diyos kapag ikaw ay suwail, o kung hindi man, sinasabi mo sa Kanya ang mga bagay na nangyayari sa iyo bawat araw, malinaw man ang mga ito sa iyo o hindi. Ito ang pananalangin. Sa madaling salita, ang saklaw ng panalangin ay ang pakikipag-usap at pagbubukas ng puso sa Diyos. Kung minsan, ginagawa ito sa karaniwang panahon, at kung minsan ay hindi; maaari kang manalangin kailanman at saan mo man naisin. Hindi masyadong pormal ang espirituwal na pakikipagniig. Ganito ito kung minsan dahil may problema ka, kung minsan ay hindi. Kung minsan ay may kasama itong mga salita, at kung minsan ay wala. Kapag may problema ka, talakayin mo ito kasama ng Diyos at manalangin; kung wala kang problema, isipin mo kung gaano kamahal ng Diyos ang mga tao, kung gaano ang Kanyang pag-aalala sa mga tao, kung paano Niya sinasaway ang mga tao. Maaari kang makipag-usap sa Diyos sa anumang oras o lugar. Ito ang espirituwal

na pakikipagniig. Kung minsan, kapag nasa labas ka at may naiisip kang kung anong bumabagabag sa iyo, hindi mo kailangang lumuhod o ipikit ang iyong mga mata. Kailangan mo lamang sabihin sa Diyos sa puso mo: “O Diyos, mangyaring gabayan mo ako rito. Mahina ako, hindi ko kayang pangibabawan ito.” Maaantig ang puso mo; magsasabi ka lamang ng ilang payak na salita, at alam na ng Diyos. Kung minsan, nasasabik ka sa iyong tahanan at sinasabi mo, “O Diyos! labis akong nasasabik sa aking tahanan….” Hindi mo sinasabi nang tuwiran kung sino ang kinasasabikan mo. Nalulumbay ka lamang, at sinasabi mo ito sa Diyos. Malulutas lamang ang mga problema kapag mananalangin ka sa Diyos at sasabihin mo kung ano ang nasa puso mo. Malulutas ba ang mga problema sa pakikipag-usap sa ibang tao? Mainam kung makatatagpo ka ng isang taong nauunawaan ang katotohanan, ngunit kung hindi nila ito nauunawaan—kung makatatagpo ka ng isang taong negatibo at mahina—maaari kang magkaroon ng epekto sa kanila. Kung kakausapin mo ang Diyos, bibigyan ka ng Diyos ng ginhawa, at pupukawin ka . Kung nagagawa mong basahin nang tahimik ang mga salita ng Diyos sa harap ng Diyos, kung gayon ay magagawa mong maunawaan ang katotohanan at lutasin ang problema. Tutulutan ka ng mga salita ng Diyos na makahanap ng daan, na lampasan itong maliit na hadlang. Hindi ka titisurin ng hadlang, hindi ka nito pipigilan, at hindi nito maaapektuhan ang paggawa mo ng iyong tungkulin. May mga pagkakataong bigla kang nalulumbay o nababagabag. Sa ganoong mga panahon, huwag mag-atubiling manalangin sa Diyos. Maaaring hindi ka sasamo sa Diyos, maaaring wala kang ibig gawin ng Diyos o di mo kailangang liwanagan ka Niya—kinakausap mo lamang ang Diyos at binubuksan mo ang iyong puso sa Kanya sa anumang oras, nasaan ka man. Ano ang dapat mong madama sa lahat ng oras? Ito ay, “Lagi kong kasama ang Diyos, hindi Niya ako kailanman iniwan, nadarama ko ito. Saan man ako naroon o anuman ang ginagawa ko—maaaring ako’y nagpapahinga, o nasa isang pagtitipon, o ginagawa ang tungkulin ko—sa puso ko, alam ko na inaakay ng Diyos ang aking kamay, na hindi Niya ako kailanman iniwan.” Kung minsan, sa paggunita ng kung paano mo

dinaanan ang bawat araw sa nakaraang mga taon, nadarama mong tumaas na ang katayuan mo, na ginabayan ka ng Diyos, na pinangalagaan ka ng pagmamahal ng Diyos sa buong panahong ito. Kapag iniisip ang mga bagay na ito, nananalangin ka sa iyong puso, nag-aalay ng pasasalamat sa Diyos: “O Diyos, pinasasalamatan Kita! mahina ako at marupok, lubhang tiwali. Kung wala Ka upang gabayan ako nang ganito, hindi ako aabot sa ngayon nang umaasa lamang sa sarili ko.” Hindi ba ito ang espirituwal na pakikipagniig? Kung makikipagniig nang madalas ang mga tao sa ganitong paraan, hindi ba’t marami silang masasabi sa Diyos? Hindi lilipas ang maraming araw na wala silang masasabi sa Diyos. Kung wala kang masasabi sa Diyos, wala sa puso mo ang Diyos. Kung nasa puso mo ang Diyos, at may pananampalataya ka sa Diyos, magagawa mong sabihin ang lahat ng nasa puso mo sa Kanya, kabilang ang mga bagay na sasabihin mo sa iyong mga kapalagayan ng loob. Kung tutuusin, ang Diyos ay ang pinakamalapit na kapalagayang-loob mo. Kung ituturing mo ang Diyos bilang pinakamalapit mong kapalagayang-loob, bilang pamilya na sinasandigan mo nang higit sa lahat, inaasahan mo nang higit sa lahat, pinagkakatiwalaan mo nang higit sa lahat, pinakatapat, pinakamalapit sa iyo, kung gayon ay magiging imposible para sa iyo na walang masabi sa Diyos. Kung lagi kang may masasabi sa Diyos, hindi ka ba laging mamumuhay sa harap ng Diyos? Kung lagi kang mamumuhay sa harap ng Diyos, sa bawat sandali, mararamdaman mo kung paano ka ginagabayan ng Diyos, kung paano ka Niya alagaan at ingatan, kung paano ka Niya hatdan ng kapayapaan at galak, kung paano ka Niya biyayaan, kung paano ka Niya liwanagan, at kung paano ka Niya sawayin, disiplinahin, linisin, at hatulan at kastiguhin; lahat ng ito ay magiging malinaw at maliwanag sa iyo sa puso mo. Hindi ka lamang basta-bastang dadaan sa bawat araw, nang walang alam, sinasabi lamang na naniniwala ka sa Diyos, ginagawa ang tungkulin mo at dumadalo sa mga pagtitipon para lamang magpakita, binabasa ang mga salita ng Diyos at nananalangin araw-araw, ginagawa ang lahat nang wala sa puso—ang sa iyo ay hindi magiging katulad ng ganitong uri ng panlabas na relihiyosong seremonya.

Sa halip, sa puso mo, titingin ka sa Diyos at mananalangin ka sa Diyos sa bawat sandali, makikipagniig ka sa Diyos sa lahat ng panahon, at magagawa mong magpasakop sa Diyos, at mamuhay sa harap ng Diyos.

Hinango mula sa “Kung Hindi Mo Kayang Mamuhay Palagi sa Harap ng Diyos, Ikaw ay Hindi Naniniwala” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Maaaring naisasagawa ng mga tao ang pagdarasal at nauunawaan ang kabuluhan ng panalangin, ngunit ang pagiging mabisa ng panalangin ay hindi isang simpleng bagay. Ang panalangin ay hindi lamang basta makatapos ka, o masunod ang pamamaraan, o mabigkas ang mga salita ng Diyos. Ibig sabihin, ang pagdarasal ay hindi pag-uulit ng ilang salita at paggaya sa iba. Sa panalangin, kailangang marating ng isang tao ang kalagayan kung saan maibibigay niya ang kanyang puso sa Diyos, na binubuksan ang puso niya para maantig ito ng Diyos. Para maging mabisa ang panalangin, dapat itong ibatay sa pagbabasa ng mga salita ng Diyos. Sa pamamagitan lamang ng pagdarasal mula sa mga salita ng Diyos magagawa ng isang tao na tumanggap ng higit na kaliwanagan at pagpapalinaw. Ang mga palatandaan ng isang tunay na panalangin ay: Pagkakaroon ng pusong nasasabik sa lahat ng hinihiling ng Diyos, at bukod pa riyan ay naghahangad na isakatuparan ang Kanyang mga hinihingi; pagkasuklam sa kinasusuklaman ng Diyos at pagkatapos, mula sa pundasyong ito, pagtatamo ng kaunting pagkaunawa tungkol dito, at pagkakaroon ng kaunting kaalaman at kalinawan tungkol sa mga katotohanang ipinaliliwanag ng Diyos. Kapag nagkaroon ng pagpapasya, pananampalataya, kaalaman, at isang landas ng pagsasagawa kasunod ng panalangin, saka lamang ito matatawag na tunay na pananalangin, at ang ganitong uri ng panalangin lamang ang maaaring maging mabisa. Subalit kailangang itatag ang panalangin sa pagtatamasa sa mga salita ng Diyos, kailangan itong itatag sa pundasyon ng pakikipagniig sa Diyos sa Kanyang mga salita, at kailangang magawa ng puso na hanapin ang Diyos at maging tahimik sa Kanyang harapan. Ang ganitong uri ng panalangin ay nakapasok na sa yugto ng tunay na pakikipagniig sa Diyos.

Hinango mula sa “Tungkol sa Pagsasagawa ng Panalangin” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Dapat kayong magbahagi nang higit pa, magawang kumain at uminom nang nakapag-iisa sa panahon ng inyong sariling espirituwal na debosyon, at magawang maunawaan ang mahahalagang katotohanan at maisagawa ang mga ito kaagad. Dapat mong masimulang maunawaan nang tama ang realidad ng Aking salita: Intindihin ang pinakabuod at mga prinsipyo nito, at huwag luwagan ang iyong kapit. Palaging magnilay, at palaging makisalamuha sa Akin, at unti-unting mabubunyag ang mga bagay-bagay. Hindi ka puwedeng lumapit sa Diyos nang sandaling panahon at, pagkatapos, nang hindi mo hinihintay na tumahimik ang puso mo sa harap Niya, magambala kapag may iba pang nangyari sa iyo. Lagi kang nalilito at nalalabuan sa mga bagay-bagay, at hindi kayang makita ang Aking mukha; kaya’t hindi mo nakakamit ang malinaw na pagkaunawa sa Aking puso—at kahit na nauunawaan mo ito nang kaunti, hindi ka nakatitiyak at nag-aalinlangan pa rin. Kapag lamang taglay Ko ang iyong buong puso, at ang iyong isip ay hindi na nagagambala ng anumang makamundong bagay at nakapaghihintay ka nang may malinaw at payapang isip, saka Ako maghahayag sa inyo, isa-isa, alinsunod sa Aking mga intensyon. Dapat ninyong maunawaan ang landas na ito ng pagiging malapit sa Akin. Sinumang humahampas o sumusumpa sa iyo, o gaano man kaganda ang mga bagay na iniaalok sa iyo ng mga tao, hindi ito katanggap-tanggap kung pinipigilan ka nila na maging malapit sa Diyos. Hayaan mo ang iyong puso sa Aking hawak, at huwag kang umalis sa tabi Ko kailanman. Sa ganitong uri ng pagkakalapit at pagsasalamuha, ang iyong mga magulang, asawa, mga anak, iba pang kaanak, at mga makamundong kaugnayan, ay lahat maglalaho. Tatamasahin mo ang isang halos di-mailalarawang katamisan sa iyong puso, at mararanasan mo ang isang mabango at masarap na lasa; bukod dito, tunay na hindi ka na mahihiwalay sa Akin. Kung magpapatuloy kayo sa ganitong paraan, mauunawaan ninyo kung ano ang nasa Aking puso. Hindi kayo kailanman maliligaw ng landas

habang patuloy kayong sumusulong, sapagka't Ako ang inyong daan, at ang lahat ng bagay ay umiiral dahil sa Akin. Kung gaano kagulang ang inyong buhay, kung kailan ninyo magagawang makawala mula sa kamunduhan, kung kailan ninyo magagawang iwaksi ang inyong mga emosyon, kung kailan ninyo magagawang iwanan ang inyong asawa at mga anak, kung kailan magiging may gulang ang inyong buhay … ang lahat ng bagay na ito ay magaganap alinsunod sa Aking oras. Hindi na kailangang mabalisa.

Dapat kang magkamit ng pagpasok mula sa positibong panig. Kung basta ka lamang naghihintay, negatibo ka pa rin. Dapat kang maging maagap sa pakikipagtulungan sa Akin; maging masigasig at huwag kailanman maging tamad. Palaging makisalamuha sa Akin at magkamit ng mas malalim pang kaugnayan sa Akin. Kung hindi mo nauunawaan, huwag kang mainip para sa mabilisang mga resulta. Hindi naman sa hindi Ko sasabihin sa iyo; nais Ko lamang makita kung aasa ka sa Akin kapag ikaw ay nasa Aking presensya, at kung ikaw ay magtitiwala sa iyong pag-asa sa Akin. Dapat palagi kang manatiling malapit sa Akin, at ilagay ang lahat ng bagay sa Aking mga kamay. Huwag kang bumalik nang walang kabuluhan. Pagkatapos kang maging malapit sa Akin sa loob ng ilang panahon nang di-namamalayan, ang Aking mga intensyon ay ihahayag sa iyo. Kung maiintindihan mo ang mga ito, tunay na makakaharap mo Ako, at tunay mong matatagpuan ang Aking mukha. Ikaw ay magkakaroon ng lubhang kalinawan at katatagan sa loob mo, at magkakaroon ka ng isang bagay na maaasahan. At pagkatapos ay magtataglay ka rin ng kapangyarihan, gayon din ng kompiyansa, at magkakaroon ka ng isang landas pasulong. Ang lahat ay magiging madali sa iyo.

Hinango mula sa "Kabanata 9" ng Mga Pagbigkas ni Cristo sa Pasimula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa inyong pang-araw-araw na buhay, kapag nararanasan ninyo ang gawain ng Diyos at nananalangin kayo sa Kanya, ginagawa ninyo ito nang padalus-dalos—nananalangin kayo sa Diyos habang kayo ay gumagawa.

Matatawag ba itong pagbibigay ng inyong puso sa Diyos? Nag-iisip kayo tungkol sa mga bagay sa bahay o usapin ng laman; palagi kayong nagdadalawang-isip. Maituturing ba itong pagpayapa sa inyong puso sa presensya ng Diyos? Ito ay dahil ang puso mo ay palaging nakatutok sa panlabas na mga usapin, at hindi ka nakakabalik sa harap ng Diyos. Kung nais mong tunay na maging payapa ang puso mo sa harap ng Diyos, kailangan mong gawin ang gawain ng sadyang pakikipagtulungan. Ibig sabihin, bawat isa sa inyo ay dapat gumugol ng panahon para sa inyong mga debosyon, isang panahon na maisasantabi ninyo ang mga tao, pangyayari, at bagay; panatagin ang inyong puso at patahimikin ang sarili ninyo sa harap ng Diyos. Lahat ay kailangang magkaroon ng indibiduwal na mga tala ng debosyon, na itinatala ang kanilang kaalaman tungkol sa salita ng Diyos at kung paano naaantig ang kanilang espiritu, malalim man ang mga iyon o mababaw; lahat ay kailangang sadyang payapain ang kanilang puso sa harap ng Diyos. Kung makapaglalaan ka ng isa o dalawang oras bawat araw sa tunay na espirituwal na buhay, madarama mo na ang buhay mo sa araw na iyon ay pinagyaman at ang puso mo ay magiging maningning at maaliwalas. Kung ipinamumuhay mo ang ganitong uri ng espirituwal na buhay araw-araw, mas magiging pag-aaring muli ng Diyos ang puso mo, ang iyong espiritu ay lalakas nang lalakas, ang iyong kundisyon ay patuloy na bubuti, mas makakaya mong tumahak sa landas kung saan umaakay ang Banal na Espiritu, at pagkakalooban ka ng Diyos ng mas maraming pagpapala. Ang layunin ng inyong espirituwal na buhay ay upang sadyang matamo ang presensya ng Banal na Espiritu. Hindi ito upang sumunod sa mga patakaran o magsagawa ng mga ritwal na pangrelihiyon, kundi upang tunay na kumilos na kasama ng Diyos, upang tunay na displinahin ang inyong katawan—ito ang dapat gawin ng tao, kaya dapat ninyong gawin ito nang buong pagsisikap. Kapag higit na pakikipagtulungan at higit na pagsisikap ang iyong inilalaan, mas makakabalik ang puso mo sa Diyos at mas mapapatahimik mo ang puso mo sa Kanyang harapan. Darating ang panahon na lubos na matatamo ng Diyos ang puso mo. Walang sinumang makakaimpluwensya o

makakabihag sa puso mo, at ganap kang maaangkin ng Diyos. Kung tatahakin mo ang landas na ito, ibubunyag ng salita ng Diyos ang sarili nito sa iyo sa lahat ng pagkakataon at liliwanagan ka tungkol sa lahat ng bagay na hindi mo nauunawaan—makakamtan ang lahat ng ito sa pamamagitan ng iyong pakikipagtulungan. Kaya nga palaging sinasabi ng Diyos, “Lahat ng kumikilos na kasama Ko, gagantimpalaan Ko nang doble.” Kailangan ninyong makita nang malinaw ang landas na ito. Kung nais ninyong tumahak sa tamang landas, kailangan ninyong gawin ang lahat ng inyong makakaya upang mapalugod ang Diyos. Kailangan ninyong gawin ang lahat ng inyong makakaya upang magtamo ng espirituwal na buhay. Sa simula, maaaring hindi mo makamtan ang magagandang resulta sa pagsisikap na ito, ngunit huwag mong tulutan ang iyong sarili na umurong o malublob sa pagkanegatibo—kailangang manatili kang masipag! Kapag mas espirituwal ang buhay mo, mas sasakupin ng mga salita ng Diyos ang puso mo, lagi kang mababahala sa mga bagay na ito, at lagi mong dadalhin ang pasaning ito. Pagkatapos niyon, ibunyag mo sa Diyos ang katotohanan sa iyong kalooban sa pamamagitan ng iyong espirituwal na buhay; sabihin sa Kanya kung ano ang handa kang gawin, kung ano ang iniisip mo, ang iyong pagkaunawa at pananaw tungkol sa Kanyang salita. Huwag kang magtago ng anuman, ni katiting! Magsanay sa pagsasabi ng mga salitang nasa puso mo at paghahayag ng totoong damdamin mo sa Diyos; kung nasa puso mo iyon, humayo ka at sabihin mo iyon. Kapag mas nagsalita ka sa ganitong paraan, mas madarama mo ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos, at mas mapapalapit sa Diyos ang puso mo. Kapag nangyari ito, madarama mo na mas mahal mo ang Diyos kaysa kaninuman. Lalagi ka sa tabi ng Diyos, anuman ang mangyari. Kung isasagawa mo ang ganitong klaseng espirituwal na debosyonal sa araw-araw at hindi mo ito iwawaglit sa iyong isipan, kundi ituturing itong napakahalaga sa iyong buhay, sasakupin ng salita ng Diyos ang puso mo. Ito ang kahulugan ng maantig ng Banal na Espiritu. Parang ang puso mo ay palaging angkin ng Diyos, para bang palaging nasa puso mo ang iyong minamahal. Walang sinumang makakaagaw nito mula sa iyo. Kapag nangyari ito, tunay na

mananahan ang Diyos sa iyong kalooban at magkakaroon ng puwang sa puso mo.

Hinango mula sa “Ang Normal na Espirituwal na Buhay ay Inaakay ang mga Tao Patungo sa Tamang Landas” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kapag ikaw ay tumingin at umasa sa Diyos, posibleng hindi ka Niya bigyan ng anumang damdamin o anumang malinaw na mga ideya, lalo pa ng malinaw na pang-unawa, lalo pa ng anumang malinaw na direksyon, ngunit hinahayaan ka Niya na makaunawa. O marahil sa oras na ito, wala ka pang naiintindihang anuman, subalit tama lamang na tumingin ka sa Diyos. Ang mga taong nagsasagawa nito sa ganitong paraan ay hindi ginagawa ito dahil lamang sa mga panuntunan, sa halip ito ang kailangan ng kanilang mga puso at ito ang dapat gawin ng mga tao. Hindi naman ibig sabihin na magtatamo ka ng kaliwanagan at gabay sa tuwing titingin ka sa Diyos at tatawagin ang Diyos; ang espirituwal na estadong ito ng tao ay normal at natural, at ang pagtingin sa Diyos ang normal na interaksyon sa Diyos sa puso ng mga tao.

Paminsan-minsan, ang pananangan sa Diyos ay hindi nangangahulugan ng paghingi sa Diyos na gawin ang isang bagay gamit ang tiyak na mga salita, o paghingi sa Kanya ng tiyak na paggabay o pag-iingat. Sa halip, ito ay yaong kapag nakakasagupa ang mga tao ng ilang usapin, nagagawa nilang tumawag sa Kanya nang taimtim. Kaya, ano ang ginagawa ng Diyos kapag tumatawag ang mga tao sa Kanya? Kapag ang puso ng isang tao ay naaantig at naiisip nila ito: “O Diyos, hindi ko ito magagawang mag-isa, hindi ko alam kung paano ito gagawin, at ako ay nanghihina at negatibo…,” kapag sumaisip nila ang mga bagay na ito, alam ba ito ng Diyos? Kapag naiisip ng mga tao ang ganito, ang mga puso ba nila ay taimtim? Kapag sila ay taimtim na tumatawag sa Diyos sa ganitong paraan, pumapayag ba ang Diyos na tulungan sila? Sa kabila ng katunayan na maaaring hindi sila nakapagsabi kahit isang salita, nagpapakita sila ng kataimtiman, at kaya sumasang-ayon ang Diyos na tulungan sila. Kapag ang isang tao ay nakakasagupa ng isang

napakamasalimuot na paghihirap, kapag wala silang sinumang malalapitan, at kapag nadarama nila ang lalong kawalang-pag-asa, nagtitiwala sila sa Diyos bilang kanilang tanging pag-asa. Paano sila nananalangin? Ano ang kalagayan ng kanilang pag-iisip? Sila ba ay taimtim? Mayroon bang anumang di-dalisay sa panahong iyon? Kapag nagtitiwala ka sa Diyos na parang Siya ang huling hibla na makakapitan upang iligtas ang iyong buhay, umaasang tutulungan ka Niya, na taimtim ang iyong puso. Bagama't maaaring hindi ka gaanong nagsasalita, ang iyong puso ay naaantig na. Ibig sabihin, ibinibigay mo ang iyong taimtim na puso sa Diyos, at ang Diyos ay nakikinig. Kapag nakikinig ang Diyos, nakikita Niya ang iyong mga paghihirap, liliwanagan ka Niya, gagabayan ka, at tutulungan ka.

Hinango mula sa "Ang Mga Mananampalataya ay Dapat Munang Makaaninag sa Masasamang Kalakaran ng Mundo" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Anuman ang ginagawa mo, dapat mo munang unawain kung bakit mo iyon ginagawa, ano ang intensyong nagtutulak sa iyo na gawin iyon, ano ang kabuluhan ng paggawa mo nito, ano ang kalikasan ng bagay na ito, at kung positibo o negatibong bagay ba ang ginagawa mo. Kailangan mong magkaroon ng malinaw na pagkaunawa sa lahat ng bagay na ito; lubhang kinakailangan ito para makakilos nang may prinsipyo. Kung may ginagawa ka para tuparin ang tungkulin mo, dapat mong pagnilayan ito: Paano ko ito dapat gawin? Paano ko dapat tuparin nang maayos ang tungkulin ko para hindi ko lang iyon ginagawa nang basta-basta? Dapat kang lumapit sa Diyos sa bagay na ito. Ang paglapit sa Diyos ay nangangahulugan ng paghahanap sa katotohanan sa bagay na ito, paghahanap ng paraan ng pagsasagawa, paghahangad sa kalooban ng Diyos, at pag-alam kung paano bigyang-kasiyahan ang Diyos. Ganito ang paglapit sa Diyos sa lahat ng ginagawa mo. Hindi kasali rito ang pagsasagawa ng seremonyang pangrelihiyon o pagpapakita na kumikilos ka. Ginagawa ito para makapagsagawa alinsunod sa katotohanan matapos hangarin ang kalooban ng Diyos. Kung lagi mong sinasabing "Salamat sa Diyos" kahit na

wala ka pa namang nagagawa, subalit kapag may ginagawa ka, patuloy mo iyong ginagawa sa paraang gusto mo, ang uring ito ng pasasalamat ay isa lamang pagpapakita na kumikilos ka. Kapag tinutupad mo ang tungkulin mo o may ginagawa ka, dapat mong isipin palagi: Paano ko dapat tuparin ang tungkuling ito? Ano ang kalooban ng Diyos? Ito ay ang mapalapit ka sa Diyos sa pamamagitan ng ginagawa mo, at, sa paggawa nito, hanapin ang mga prinsipyo at katotohanan sa likod ng iyong mga pagkilos gayon din ang kalooban ng Diyos, at huwag lumayo sa Diyos sa anumang ginagawa mo. Gayong tao lamang ang tunay na nananalig sa Diyos. Sa mga panahong ito, tuwing may mga bagay-bagay na nadaraanan ang mga tao, anuman ang aktuwal na sitwasyon, iniisip nila na magagawa nila ang ganito at ganoon, kaya wala ang Diyos sa puso nila, at ginagawa nila ito ayon sa sarili nilang kagustuhan. Angkop man o hindi ang kanilang ginagawa, o alinsunod man ito sa katotohanan o hindi, nagmamatigas lamang silang nagpapatuloy, at kumikilos ayon sa kanilang mga pansariling intensyon. Maaaring karaniwan ay waring nasa puso nila ang Diyos, ngunit kapag ginagawa nila ang mga bagay-bagay, wala ang Diyos sa kanilang puso. Sinasabi ng ilang tao, “Hindi ako mapapalapit sa Diyos sa mga bagay na ginagawa ko. Noong araw, nakasanayan kong magsagawa ng mga relihiyosong seremonya, at sinubukan kong mapalapít sa Diyos, ngunit hindi iyon nagkaroon ng epekto. Hindi ako mapalapit sa Kanya.” Wala ang Diyos sa puso ng ganitong mga tao; sarili lamang niya ang nasa puso nila, at hindi nila talaga maisagawa ang katotohanan sa anumang ginagawa nila. Ang hindi pagkilos alinsunod sa katotohanan ay nangangahulugan ng paggawa ng mga bagay-bagay ayon sa sarili nilang kalooban, at ang paggawa ng mga bagay-bagay ayon sa sarili nilang kalooban ay nangangahulugan ng pagtalikod sa Diyos; ibig sabihin, wala ang Diyos sa puso nila. Ang mga naiisip ng tao ay karaniwang maganda at matuwid sa tingin ng mga tao, at tila ang mga ito ay hindi gaanong lalabag sa katotohanan. Pakiramdam ng mga tao ang paggawa ng mga bagay-bagay sa ganoong paraan ay pagsasagawa ng katotohanan; sa palagay nila ang paggawa ng mga bagay-bagay sa paraang iyon ay magiging

pagpapasakop sa Diyos. Sa totoo lang, hindi sila tunay na naghahanap sa Diyos o nananalangin sa Diyos tungkol dito, at hindi sila nagsusumikap na gawin ito nang mabuti alinsunod sa mga kinakailangan ng Diyos, upang bigyang-kasiyahan ang kalooban ng Diyos. Wala silang angking ganitong totoong kalagayan, ni wala silang ganoong hangarin. Ito ang pinakamalaking kamalian ng mga tao sa kanilang pagsasagawa. Naniniwala ka sa Diyos, nguni't hindi mo iniingatan sa iyong puso ang Diyos. Paano ito hindi isang kasalanan? Hindi mo ba dinadaya ang iyong sarili? Anong uri ng mga bunga ang nakukuha mo kung patuloy kang naniniwala sa ganyang paraan? Bukod pa riyan, paano naipapamalas ang kabuluhan ng paniniwala sa Diyos?

Hinango mula sa "Ang Paghahanap sa Kalooban ng Diyos ay Alang-alang sa Pagsasagawa ng Katotohanan" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Ang pagkakaroon ng totoong pakikipagniig sa Diyos higit sa lahat ay kinabibilangan ng paghahandog ng puso ng isang tao sa Kaniya, pagbubukas ng kanilang puso sa Diyos sa lahat ng bagay at pagsasabi sa Kaniya kung ano ang nasa kanilang mga isipan, at sa lahat ng kanilang pinagdaraanan at lahat ng mga tungkuling kanilang ginagampanan, palaging inuunawa ang Kanyang kalooban sa pamamagitan ng panalangin, at pagsasakripisyo dahil sa nagawa upang magpasakop sa Kaniya at mapalugod Siya. Kung kaya, ang landas na kanilang tinatahak sa buhay ay isa na paglilingkod sa Diyos. Tanging yaong mga naniniwala lamang sa Kaniya at kayang makamtan ang ganitong uri ng resulta at nagtataglay ng ganitong uri ng realidad ay ang mga taong tunay na nakikipagniig sa Diyos. Ang mga taong nakikipagniig sa Kaniya ay ang mga taong totoong ninanais Siya; sa isang banda, mayroon silang paninindigan na paglingkuran Siya, at sa kabilang banda, sila ay mga taong tapat sa Kaniya. May lugar ang Diyos sa mga puso ng gayong mga tao, at takot sila sa Kaniya; sa lahat ng bagay, samakatuwid, kaya nilang maunawaan ang kalooban ng Diyos, hangarin ang katotohanan, at gumawa ng mga bagay upang mapalugod

Siya. Yaong mga nabubuhay sa harap ng Diyos nang ganito ay mga taong may tunay na pakikipagniig sa Kaniya. Kung ang isang tao, sa lahat ng mga bagay, ay hindi totoong binuksan ang kanilang puso sa Diyos sa panalangin at wala sa proseso ng paghahangad sa katotohanan, at kung ang mga panalangin at mga pagsamo ng taong iyon ay ginawa lahat para sa mga pangangailangan ng laman at upang mapalugod ang sarili nilang mga mithiin, o kung nagmamakaawa sila para sa pangangalaga at pagliligtas ng Diyos kapag may pinagdaraanang paghihirap o sakuna, kung gayon ang ganitong uri ng tao ay hindi totoong nakipagniig sa Diyos. Ang pakikipagniig sa Diyos ay tumutukoy sa paghahangad sa katotohanan upang mapalugod Siya. Nangangahulugan ito na anuman ang mangyari sa iyo, kumikilos ka nang buong pag-alinsunod sa mga layon ng Diyos at sinusunod ang Kanyang kalooban, at nakararating sa kung saan ka kaayon Niya. Ngayon tingnan nating muli kung paano tayo nananalangin noong araw: masyadong kaunti yaong kung saan tunay tayong nakipagniig sa Diyos, gayundin yaong kung saan sinubukan nating maunawaan ang Kanyang kalooban, hinangad ang katotohanan, at hinangad kung paano Siya mapalugod. Masyadong madalas na nating pinagmakaawaan ang Diyos, pautos na humingi sa Kaniya, at nakiusap sa Kaniya ng pangangalaga. Ito ay sapat na katibayan ng katotohanan na ang mga panalangin natin noon ay hindi mga halimbawa ng totoong pakikipagniig sa Diyos; sa halip, ang mga ito ay isang panig na mga pagsamo na ang layunin ay mapaluguran ang laman. Ang tunay na pakikipagniig sa Diyos ay isang leksyon na kailangan nating ipasok sa ating paghahanap sa kaligtasan, pagpasok sa katotohanan, at paglilingkod sa Kaniya upang sundin ang Kaniyang kalooban. Kung hinahangad mong mailigtas at magawang perpekto, kailangan mo munang magtagumpay sa pagkakaroon ng totoong pakikipagniig sa Diyos. Ano ang pangunahing pagsasagawa upang makamtan ang tunay na pakikipagniig sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin? Ang isang aspeto nito ay kailangan mo itong gawin nang payak at nang lantaran, ibinibigay ang iyong puso sa Kaniya; bukod pa roon, kailangan mong hangarin ang katotohanan at maunawaan

ang kalooban ng Diyos. Tanging kapag napagtagumpayan mo ang dalawang mga bagay na ito ay saka ka lamang totoong makikipagniig sa Kaniya. Kung hindi mo hahangarin ang katotohanan o susubukang maunawaan ang kalooban ng Diyos sa lahat ng iyong pinagdaraanan, at sumasabay lamang sa agos ng iyong sariling mga likhang-isip at mga kagustuhan, kumikilos sa papaanong paraan mo gusto, kung gayon ito ba ay pagsasagawa ng katotohanan? Kung hindi mo isinasagawa ang katotohanan, ipinapakita nito na hindi ka nagpasakop sa Diyos; kung hindi mo hinahangad ang katotohanan, ipinapakita nito na hindi Siya mapapalugod ng iyong mga kilos, ngunit sa halip ay ginagawa upang mapalugod ang iyong sarili at ang iyong laman. Para totoong makipagniig sa Diyos, kailangan mong hangarin ang katotohanan sa pamamagitan ng panalangin at unawain ang Kanyang kalooban sa pamamagitan ng panalangin, at pagkatapos ay magtagumpay na magpasakop sa Kaniya. Tanging ang mga tao na may ganitong uri ng ugnayan at relasyon sa Diyos lamang ang mga tunay na nakikipagniig sa Kaniya.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

Ang tunay na pakikipagniig sa Diyos ay kinabibilangan ng ilang iba't ibang pagsasagawa: ang isang tao ay kailangang magsalamuha at manalangin tungkol sa pagkilala sa sariling tiwaling diwa sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos; ang isang tao ay kailangang magsalamuha at manalangin tungkol sa paglutas ng katiwalian ng isang tao at mapalugod ang Diyos sa kanyang tungkulin; ang isang tao ay kailangang magsalamuha at manalangin sa paraang maaaninaw ang kalikasang diwa ng malaking pulang dragon at ng diyablong si Satanas at maaninaw ang kanilang mga lason; ang isang tao ay kailangan magsalamuha at manalangin tungkol sa pagkakaroon ng kakayahang tanggapin ang pagsusuri ng Diyos at mapalugod ang Diyos sa lahat ng bagay na may kaugnayan sa katotohanan; ang isang tao ay kailangang magsalamuha at manalangin tungkol sa paghahangad ng katotohanan at pag-unawa sa kalooban ng Diyos sa lahat ng mga bagay; ang isang tao ay kailangan

magsalamuha at manalangin tungkol sa paghahangad na makapasok sa mga salita ng Diyos at mamuhay sa realidad ng mga salita ng Diyos sa mga kasanasan sa buhay; ang isang tao ay kailangan magsalamuha at manalangin tungkol sa pagkakaroon ng tunay na pagkaunawa sa kung ano ang mayroon ang Diyos at kung ano ang Diyos; ang isang tao ay kailangan magsalamuha at manalangin tungkol sa pagtutok na talikdan ang laman at pagsasagawa ng mga salita ng Diyos upang matamo ang kaligtasan at magawang perpekto; at ang isang tao ay kailangan na lumahok sa tunay na panalangin upang hangarin ang kalooban ng Diyos, mamuhay sa mga salita ng Diyos, at tumayong saksi sa lahat ng uri ng mga pagsubok. Kung ang isang tao ay pumasok sa lahat ng mga aspeto na ito ng panalangin, kung gayon sila ay taong tunay na nakikipagniig sa Diyos; kung, gayunman, may taong hindi pumasok sa kahit ano sa mga aspetong ito ng panalangin, kung gayon ito ay patunay na wala silang tunay na panalangin at hindi nakapasok sa tamang daan ng pakikipagniig sa Diyos. Tanging sa tunay na pakikipagniig sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin lamang makukuha ng isang tao ang gawain ng Banal na Espiritu at makikilala sa wakas ang Diyos at magagawang perpekto. Kung ang isang tao ay hindi magawang tunay na makipagniig sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin, kung gayon maaaring masabi na ang gayong tao ay nabubuhay sa labas ng mga salita ng Diyos. Kapag ang isang tao ay nabubuhay sa labas ng mga salita ng Diyos, kung gayon kahit gaano man sila manalangin o kung ilang taon sila manalangin, lahat iyon ay walang silbi, at sa huli hindi na nila matatamo ang pagliligtas ng Diyos – ito ang isang bagay na kailangang malinaw sa mga tao. Samakatuwid, kung nais natin ngayon na hangarin ang katotohanan at matamo ang kaligtasan ng Diyos, kung gayon kailangan nating pumasok sa tamang daan ng panalangin at makamtan ang tunay na pakikipagniig sa Diyos. Ang pinakamahalagang alituntunin pagdating sa pagkakaroon ng tunay na pakikipagniig sa Diyos ay ang magkaroon ng tunay na pagsasalamuha at panalangin sa Diyos sa pamamagitan ng Kanyang mga salita. Lahat ng mga salitang ginagamit natin sa ating mga panalangin sa Diyos ay naitatag sa ating pagkain at

pag-inom ng mga salita ng Diyos, at kailangan nating dalhin ang lahat ng nararapat nating hangarin sa mga salita ng Diyos upang manalangin sa harap Niya, at sa ganitong paraan, tatapak tayo sa tamang daan sa ating mga panalangin. Mayroong apat na pangunahing pagsasagawa ng pagpasok sa tamang daan ng pakikipagniig sa Diyos: una at pinakamahalaga, kailangan nating basahin ang mga salita ng Diyos na may madasaling puso; ikalawa, kailangan nating magsalamuha tungkol sa katotohanan na may madasaling puso; ikatlo, kailangan nating gampanan ang ating mga tungkulin na may madasaling puso; at ikaapat, kailangan nating mabuhay sa harap ng Diyos na may madasaling puso. Sa kabila ng kung ano ang ginagawa natin sa bawat araw, kailangan na malimit tayong makapagsalamuha sa Diyos sa ating mga puso, madalas na manalangin sa Diyos, tanggapin ang pagsusuri ng Diyos na may madasaling puso, pagnilayan ang ating mga sariling kilos at pag-uugali na may madasaling puso; at magsalamuha sa Diyos na may madasaling puso; ang paggawa ng mga bagay na ito ay makatitiyak na mabubuhay tayo sa harap ng Diyos. Ang mga ito ang apat na pagsasagawa na kailangang tangkain ng yaong mga nakikipagniig sa Diyos. Kung ang apat na pagsasagawa na ito ay magbunga, kung gayon ang mga panalangin ng isang tao ay papasok sa tamang daan at pagkatapos ay magkakaroon na ang isang tao ng totoong pakikipagniig sa Diyos.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

7. Ang mga Prinsipyo ng Pananalangin at Pagsusumamo sa Diyos

(1) Kapag nasasagupa ang lahat ng paghihirap, o kapag nasa suliranin at naharap sa gipit na kalagayan, dapat buksang mabuti ng isang tao ang kanyang puso sa panalangin at pagsamo sa Diyos upang hingin ang Kanyang pangunguna at patnubay;

(2) Sa pananalangin sa Diyos, dagdag pa sa pagsusumamo sa Kanya, dapat madalas na makipagniig ang isang tao sa Kanya; magpakatotoo ang kanilang puso sa pamamagitan ng payak, bukas na pananalita; at

matutuhang maunawaan ang Kanyang kalooban;

(3) Lalo na kapag binabasa ang mga salita ng Diyos, dapat hanapin ng isang tao ang katotohanan mula sa Kanya at matutuhang manalangin sa saklaw ng Kanyang mga salita at makipagniig sa Kanya. Ito ang pinakamabisang paraan upang maunawaan ang katotohanan;

(4) Dapat manalangin sa Diyos na may pusong gumagalang, at matuwid. Hindi dapat gumawa ng mga kahilingan sa Kanya ni pagtangkaang gipitin o samantalahin Siya, ni hindi dapat tangkain ng isang tao na maglatag ng mga kasunduan sa Diyos.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Tungkol sa Pagsasagawa ng Panalangin

(Isang Piniling Kabanata ng Salita ng Diyos)

Hindi ninyo pinahahalagahan ang panalangin sa inyong pang-araw-araw na buhay. Kinaliligtaan ng tao ang pagdarasal. Dati-rati ay wala sa loob ang mga pagdarasal, at basta matapos na lang iyon ng tao sa harap ng Diyos. Walang taong lubos na naghandog ng kanyang puso sa harap ng Diyos at tunay na nanalangin sa Diyos. Nananalangin lamang ang tao sa Diyos kapag may dumarating na problema. Sa buong panahong ito, nakapagdasal ka na ba nang tunay sa Diyos? Nagkaroon na ba ng pagkakataong lumuha ka dahil sa sakit sa harap ng Diyos? Nagkaroon na ba ng pagkakataon na nakilala mo ang iyong sarili sa Kanyang harapan? Nakapagdasal ka na ba nang tapatan sa Diyos? Ang panalangin ay dumarating sa pamamagitan ng pagsasanay: Kung hindi ka karaniwang nagdarasal sa bahay, hindi ka posibleng makapagdasal sa iglesia, at kung hindi ka karaniwang nagdarasal sa maliliit na pagtitipon, hindi mo makakayang manalangin sa malalaking pagtitipon. Kung hindi ka karaniwang lumalapit sa Diyos o nagninilay tungkol sa mga salita ng Diyos, wala kang masasabi kapag oras na para manalangin, at kahit manalangin ka, puro salita lang iyon; hindi iyon tunay na panalangin.

Ano ang tunay na panalangin? Ito ay pagsasabi ng nasa puso mo sa Diyos, pakikipagniig sa Diyos habang inuunawa mo ang Kanyang kalooban, pakikipag-usap sa Diyos sa pamamagitan ng Kanyang mga

salita, pagkadama na talagang malapit ka sa Diyos, pagkadama na Siya ay kaharap mo, at paniniwala na mayroon kang sasabihin sa Kanya. Ramdam mong puno ng liwanag ang puso mo at ramdam mo kung gaano kaibig-ibig ang Diyos. Nadarama mo na mas inspirado ka, at nasisiyahan ang iyong mga kapatid na makinig sa iyo. Madarama nila na ang mga salitang binibigkas mo ay ang mga salitang nasa kaibuturan ng kanilang puso, mga salitang nais nilang sabihin, na para bang ang iyong mga salita ang kahalili ng sa kanila. Ito ang tunay na panalangin. Matapos kang tunay na manalangin, mapapayapa at masisiyahan ang puso mo. Maaaring mag-ibayo ang lakas na mahalin ang Diyos, at madarama mo na wala nang mas mahalaga o makabuluhan sa buhay kaysa mahalin ang Diyos. Pinatutunayan ng lahat ng ito na naging mabisa ang iyong mga dalangin. Nakapagdasal ka na ba sa gayong paraan?

At ano naman ang nilalaman ng panalangin? Dapat kang manalangin nang paisa-isang hakbang, alinsunod sa tunay na kalagayan ng puso mo at sa gawain ng Banal na Espiritu; nakakaniig mo ang Diyos alinsunod sa Kanyang kalooban at sa mga hinihingi Niya sa tao. Kapag nagsimula kang manalangin, ibigay mo muna ang puso mo sa Diyos. Huwag kang magtangkang unawain ang kalooban ng Diyos—subukan mo lamang sabihin sa Diyos ang nasa puso mo. Kapag humarap ka sa Diyos, ganito ang sabihin mo: “Diyos ko, ngayong araw ko lamang napagtanto na dati akong sumusuway sa Iyo. Totoong ako ay tiwali at kasuklam-suklam. Sinasayang ko lang ang buhay ko. Mula sa araw na ito mabubuhay ako para sa Iyo. Mamumuhay ako nang makabuluhan at palulugurin ko ang Iyong kalooban. Nawa’y gumawa palagi sa akin ang Iyong Espiritu, patuloy akong liwanagan at tanglawan. Hayaan akong matibay at matunog na magpatotoo sa Iyong harapan. Hayaang makita ni Satanas sa amin ang Iyong kaluwalhatian, ang Iyong patotoo, at ang katibayan ng Iyong tagumpay.” Kapag nanalangin ka sa ganitong paraan, ganap na mapapalaya ang puso mo. Sa pagdarasal sa ganitong paraan, mas mapapalapit ang puso mo sa Diyos, at kung madalas kang makapagdarasal sa ganitong paraan, tiyak na gagawa sa iyo ang Banal na

Espiritu. Kung palagi kang tatawag sa Diyos sa ganitong paraan, at magpapasya ka sa Kanyang harapan, darating ang araw na magiging katanggap-tanggap ang iyong pagpapasya sa harap ng Diyos, na matatamo ng Diyos ang iyong puso at buong pagkatao, at sa bandang huli ay gagawin ka Niyang perpekto. Para sa inyo, napakahalaga ng panalangin. Kapag nanalangin ka at tinanggap mo ang gawain ng Banal na Espiritu, aantigin ng Diyos ang puso mo, at lalakas ang loob mo na mahalin ang Diyos. Kung hindi ka magdarasal nang taos sa puso mo, kung hindi mo bubuksan ang puso mo para makipagniig sa Diyos, mawawalan ng paraan ang Diyos na gumawa sa iyo. Pagkatapos mong manalangin at masabi ang nasa puso mo, kung hindi pa nasimulan ng Espiritu ng Diyos ang Kanyang gawain, at wala kang natanggap na inspirasyon, ipinapakita nito na hindi tapat ang puso mo, hindi totoo ang sinasabi mo, at hindi pa rin dalisay. Pagkatapos mong manalangin, kung nakadama ka ng kasiyahan, naging katanggap-tanggap sa Diyos ang iyong mga panalangin at gumagawa sa iyo ang Espiritu ng Diyos. Bilang isang taong naglilingkod sa harap ng Diyos, hindi maaaring hindi ka manalangin. Kung tunay mong itinuturing na makabuluhan at mahalaga ang pakikipagniig sa Diyos, maaari mo bang talikdan ang panalangin? Walang sinumang maaaring mabuhay na walang pakikipagniig sa Diyos. Kung walang panalangin, nabubuhay ka sa laman, sa pagkaalipin kay Satanas; kung walang tunay na panalangin, nabubuhay ka sa ilalim ng impluwensya ng kadiliman. Umaasa Ako na nagagawa ninyo, mga kapatid, na tunay na manalangin sa bawat araw. Hindi ito tungkol sa pagsunod sa mga panuntunan, kundi tungkol sa pagtatamo ng tiyak na resulta. Handa ka bang isakripisyo ang kaunting tulog at kasiyahan upang bumangon nang maaga para sa mga panalangin sa umaga at masiyahan sa mga salita ng Diyos? Kung nagdarasal ka na may dalisay na puso at kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos nang gaya nito, lalo kang magiging katanggap-tanggap sa Kanya. Kung ginagawa mo ito tuwing umaga, kung araw-araw mong isinasagawa na ibigay ang puso mo sa Diyos, makipagniig at makipag-usap sa Kanya, siguradong madaragdagan ang iyong kaalaman tungkol sa

Diyos, at mas mauunawaan mo ang kalooban ng Diyos. Sinasabi mo: “Diyos ko! Handa akong gampanan ang aking tungkulin. Sa Iyo ko lamang inilalaan nang lubusan ang aking buong pagkatao, upang Ikaw ay maluwalhati sa amin, upang matamasa Mo ang patotoong ibinabahagi ng grupo naming ito. Isinasamo ko na gumawa Ka sa amin, upang magawa kong tunay Kang mahalin at palugurin Ka at hanapin Ka bilang aking layunin.” Habang tinatanggap mo ang pasaning ito, tiyak na gagawin kang perpekto ng Diyos. Hindi ka dapat manalangin para lamang sa iyong sariling kapakanan, kundi dapat ka ring manalangin para masunod ang kalooban ng Diyos at para mahalin Siya. Ito ang pinakatunay na uri ng panalangin. Nagdarasal ka ba para masunod ang kalooban ng Diyos?

Noong araw, hindi ninyo alam kung paano manalangin, at kinaligtaan ninyo ang pagdarasal. Ngayon, kailangan ninyong gawin ang inyong makakaya para sanayin ang sarili ninyo na manalangin. Kung hindi mo kayang magkaroon ng lakas ng loob na mahalin ang Diyos, paano ka nagdarasal? Sinasabi mo: “Diyos ko, walang kakayahan ang puso ko na tunay Kang mahalin. Nais kong mahalin Ka, ngunit wala akong lakas. Ano ang dapat kong gawin? Nawa’y buksan Mo ang aking espirituwal na mga mata at nawa’y antigin ng Iyong Espiritu ang puso ko. Nawa’y loobin Mo, sa pagharap ko sa Iyo, na maitapon ko ang lahat ng negatibo, huwag na akong papigil sa sinumang tao, pangyayari, o bagay, at lubos kong ilantad ang puso ko sa Iyong harapan, at loobin Mo na maihandog ko ang aking buong pagkatao sa Iyong harapan. Paano Mo man ako subukin, handa ako. Ngayon, hindi ko isinasaalang-alang ang aking mga inaasahan sa hinaharap, ni wala ako sa ilalim ng pagkaalipin ng kamatayan. Sa puso kong nagmamahal sa Iyo, nais kong hanapin ang daan ng buhay. Lahat ng bagay, lahat—ay pawang nasa Iyong mga kamay; ang aking kapalaran ay nasa Iyong mga kamay at hawak Mo ang buhay ko mismo sa Iyong mga kamay. Ngayon, hangad kong mahalin Ka, at hayaan Mo man akong mahalin Ka o hindi, paano man manghimasok si Satanas, determinado akong mahalin Ka.” Kapag nakasagupa mo ang isyung ito, manalangin ka nang ganito. Kung magdarasal ka nang ganito araw-araw, unti-unting mag-

iibayo ang lakas mong mahalin ang Diyos.

Paano pumapasok ang isang tao sa tunay na panalangin?

Habang nagdarasal, kailangan ay tahimik ang puso mo sa harap ng Diyos, at kailangan kang magkaroon ng pusong tapat. Tunay kang nakikipagniig at nagdarasal sa Diyos—hindi mo dapat subukang linlangin ang Diyos gamit ang mga salitang magandang pakinggan. Dapat ay nakasentro ang panalangin doon sa nais isakatuparan ng Diyos ngayon mismo. Hilingin mo sa Diyos na pagkalooban ka ng higit na kaliwanagan at pagpapalinaw, dalhin ang tunay na mga kalagayan at suliranin mo sa Kanyang presensya kapag nagdarasal ka, pati na ang pagpapasyang ginawa mo sa harap ng Diyos. Ang panalangin ay hindi tungkol sa pagsunod sa pamamaraan; tungkol ito sa paghahanap sa Diyos nang taos-puso. Hilingin mo sa Diyos na protektahan ang puso mo, upang madalas itong maging tahimik sa Kanyang harapan; na sa kapaligiran kung saan ka Niya inilagay, makilala mo ang iyong sarili, kamumuhian mo ang iyong sarili, at tatalikdan mo ang iyong sarili, sa gayon ay magkaroon ka ng normal na ugnayan sa Diyos at tunay na maging isang tao kang nagmamahal sa Diyos.

Ano ang kabuluhan ng panalangin?

Ang panalangin ay isa sa mga paraan kung saan nakikipagtulungan ang tao sa Diyos, ito ay isang paraan ng pagtawag ng tao sa Diyos, at ito ang proseso kung saan inaantig ng Espiritu ng Diyos ang tao. Masasabi na yaong mga hindi nagdarasal ay mga patay na walang espiritu, na nagpapatunay na wala silang kakayahan na maantig ng Diyos. Kung walang panalangin, imposibleng magkaroon ng normal na espirituwal na buhay, lalong hindi nila masusundan ang gawain ng Banal na Espiritu. Ang hindi pagdarasal ay pagputol ng ugnayan sa Diyos, at magiging imposibleng makamtan ang papuri ng Diyos. Bilang isang mananampalataya sa Diyos, habang lalong nagdarasal ang isang tao, habang lalo siyang inaantig ng Diyos, lalo siyang mapupuno ng kapasyahan at lalo siyang makatatanggap ng bagong kaliwanagan mula sa Diyos. Dahil dito, ang ganitong klaseng taong ay maaaring gawing

perpekto ng Banal na Espiritu nang napakabilis.

Ano ang epektong inaasahang makamtan ng panalangin?

Maaaring naisasagawa ng mga tao ang pagdarasal at nauunawaan ang kabuluhan ng panalangin, ngunit ang pagiging mabisa ng panalangin ay hindi isang simpleng bagay. Ang panalangin ay hindi lamang basta makatapos ka, o masunod ang pamamaraan, o mabigkas ang mga salita ng Diyos. Ibig sabihin, ang pagdarasal ay hindi pag-uulit ng ilang salita at paggaya sa iba. Sa panalangin, kailangang marating ng isang tao ang kalagayan kung saan maibibigay niya ang kanyang puso sa Diyos, na binubuksan ang puso niya para maantig ito ng Diyos. Para maging mabisa ang panalangin, dapat itong ibatay sa pagbabasa ng mga salita ng Diyos. Sa pamamagitan lamang ng pagdarasal mula sa mga salita ng Diyos magagawa ng isang tao na tumanggap ng higit na kaliwanagan at pagpapalinaw. Ang mga palatandaan ng isang tunay na panalangin ay: Pagkakaroon ng pusong nasasabik sa lahat ng hinihiling ng Diyos, at bukod pa riyan ay naghahangad na isakatuparan ang Kanyang mga hinihingi; pagkasuklam sa kinasusuklaman ng Diyos at pagkatapos, mula sa pundasyong ito, pagtatamo ng kaunting pagkaunawa tungkol dito, at pagkakaroon ng kaunting kaalaman at kalinawan tungkol sa mga katotohanang ipinaliliwanag ng Diyos. Kapag nagkaroon ng pagpapasya, pananampalataya, kaalaman, at isang landas ng pagsasagawa kasunod ng panalangin, saka lamang ito matatawag na tunay na pananalangin, at ang ganitong uri ng panalangin lamang ang maaaring maging mabisa. Subalit kailangang itatag ang panalangin sa pagtatamasa sa mga salita ng Diyos, kailangan itong itatag sa pundasyon ng pakikipagniig sa Diyos sa Kanyang mga salita, at kailangang magawa ng puso na hanapin ang Diyos at maging tahimik sa Kanyang harapan. Ang ganitong uri ng panalangin ay nakapasok na sa yugto ng tunay na pakikipagniig sa Diyos.

Ang pinakamahalagang kaalaman tungkol sa panalangin:

1. Huwag pikit-matang sabihin ang anumang pumasok sa isipan. Kailangan ay may pasanin sa puso mo, ibig sabihin, kailangan ay mayroon kang layunin kapag nagdarasal ka.

2. Ang panalangin ay kailangang maglaman ng mga salita ng Diyos; kailangan ay nakasalig ito sa mga salita ng Diyos.

3. Kapag nagdarasal, hindi mo kailangang ulit-ulitin ang lipas nang mga isyu. Dapat mong iugnay ang iyong mga panalangin sa kasalukuyang mga salita ng Diyos, at kapag nagdarasal ka, sabihin mo sa Diyos ang nasasaloob mo.

4. Ang panalangin ng grupo ay kailangang may isang bagay na pinagtutuunan, na kinakailangan ay ang kasalukuyang gawain ng Banal na Espiritu.

5. Kailangang matutuhan ng lahat ng tao ang panalangin ng pamamagitan. Isang paraan din ito ng pagsasaalang-alang sa kalooban ng Diyos.

Ang buhay ng panalangin ng indibiduwal ay batay sa pagkaunawa sa kabuluhan ng panalangin at sa pangunahing kaalaman tungkol sa panalangin. Sa pang-araw-araw na buhay, kailangang madalas na ipagdasal ang sarili mong mga pagkukulang, ipagdasal na magkaroon ng pagbabago sa iyong disposisyon sa buhay, at magdasal batay sa iyong kaalaman tungkol sa mga salita ng Diyos. Dapat magtatag ang bawat tao ng kanilang sariling buhay ng panalangin, dapat silang manalangin para malaman ang mga salita ng Diyos, at dapat silang manalangin upang maghangad ng kaalaman tungkol sa gawain ng Diyos. Ihayag ang iyong personal na sitwasyon sa harap ng Diyos at magpakatotoo nang hindi nababahala sa paraan ng iyong pagdarasal, at ang pinakamahalaga ay magtamo ng tunay na pagkaunawa, at magtamo ng tunay na karanasan sa mga salita ng Diyos. Ang isang taong nagsisikap na makapasok sa espirituwal na buhay ay kailangang manalangin sa maraming iba’t ibang paraan. Tahimik na panalangin, pagbubulay-bulay sa mga salita ng Diyos, pag-alam sa gawain ng Diyos—lahat ng ito ay mga halimbawa ng makabuluhang gawain ng espirituwal na pakikibahagi para makapasok sa normal na espirituwal na buhay, na laging nagpapainam sa mga kalagayan ng isang tao sa harap ng Diyos at nagtutulak sa kanya na mas umunlad sa buhay. Sa madaling salita, lahat ng ginagawa mo, kumakain at umiinom ka

man ng mga salita ng Diyos, o tahimik na nagdarasal, o nagpapahayag nang malakas, ay para malinaw mong makita ang mga salita ng Diyos, ang Kanyang gawain, at ang nais Niyang matamo sa iyo. Ang mas mahalaga, lahat ng ginagawa mo ay ginagawa para maabot ang mga pamantayang hinihingi ng Diyos at mas bumuti ang buhay mo. Ang pinakamaliit na hinihiling ng Diyos sa tao ay na magawa niyang buksan ang kanyang puso sa Kanya. Kung ibibigay ng tao ang kanyang tunay na puso sa Diyos at sasabihin sa Diyos ang tunay na nilalaman ng puso niya, handa ang Diyos na gumawa sa kanya. Ang gusto ng Diyos ay hindi ang baluktot na puso ng tao, kundi ang isang dalisay at tapat na puso. Kung hindi magsasalita ang tao sa Diyos mula sa kanyang puso, hindi aantigin ng Diyos ang kanyang puso o gagawa sa kanya. Kaya naman, ang pinakabuod ng panalangin ay ang kausapin ang Diyos mula sa iyong puso, na sinasabi sa Kanya ang iyong mga pagkukulang o ang tungkol sa iyong mapanghimagsik na disposisyon, ganap na ihinahayag ang iyong sarili sa Kanyang harapan; saka lamang magiging interesado ang Diyos sa iyong mga dalangin, kung hindi, itatago Niya ang Kanyang mukha mula sa iyo. Ang pinakamababang saligan para sa panalangin ay kailangan mong mapanatiling tahimik ang puso mo sa harap ng Diyos, at hindi ito dapat lumayo mula sa Diyos. Maaaring sa panahong ito ay hindi ka nagtatamo ng mas bago o mas mataas na kabatiran, ngunit sa gayon ay kailangan mong manalangin upang mapanatili ang iyong katayuan—hindi ka dapat bumalik sa dati. Ito ang pinakamababang kailangan mong makamtan. Kung kahit ito ay hindi mo kayang isakatuparan, pinatutunayan nito na ang iyong espirituwal na buhay ay wala sa tamang landas. Dahil dito, hindi mo magagawang kapitan ang una mong pananaw, mawawalan ka ng pananampalataya sa Diyos, at sa bandang huli ay mapapawi ang iyong kapasyahan. Ang isang tanda kung nakapasok ka na sa espirituwal na buhay o hindi pa ay ang tingnan kung ang iyong mga panalangin ay nasa tamang landas. Kailangang tanggapin ng lahat ng tao ang realidad na ito; kailangan nilang lahat na sadyang sanayin ang kanilang sarili sa pagdarasal, hindi sa paghihintay nang walang kibo, kundi sadyang hangarin na maantig ng Banal na

Espiritu. Saka lamang sila magiging mga tao na tunay na naghahanap sa Diyos.

Kapag nagsimula kang manalangin, huwag kang magmalabis at umasang makamit ang lahat nang sabay-sabay. Hindi ka maaaring humiling nang sobra-sobra, na umaasa na sa sandaling ibuka mo ang iyong bibig ay aantigin ka ng Banal na Espiritu, o na tatanggap ka ng kaliwanagan at pagpapalinaw, o na pagkakalooban ka ng Diyos ng biyaya. Hindi mangyayari iyan; hindi gumagawa ang Diyos ng mga bagay na mahimala. Ipinagkakaloob ng Diyos ang mga panalangin ng mga tao sa Kanyang sariling panahon, at kung minsan ay sinusubok Niya ang iyong pananampalataya upang makita kung ikaw ay tapat sa Kanyang harapan. Kapag nagdarasal ka kailangan ay mayroon kang pananampalataya, pagtitiyaga, at pagpapasya. Karamihan sa mga tao, kapag nagsisimula pa lamang silang magsanay, ay pinanghihinaan ng loob dahil hindi sila naaantig ng Banal na Espiritu. Hindi ito maaari! Kailangan kang magtiyaga; kailangan kang magtuon sa pagdama sa pag-antig ng Banal na Espiritu at sa paghahanap at pagsasaliksik. Kung minsan, ang landas ng iyong gawain ay hindi tama, at kung minsan, ang iyong personal na mga motibo at pagkaintindi ay hindi mo mapanindigan sa harap ng Diyos, kaya hindi ka naaantig ng Espiritu ng Diyos. Sa ibang mga pagkakataon, tinitingnan ng Diyos kung ikaw ay tapat o hindi. Sa madaling salita, sa pagsasanay, dapat kang maglaan ng higit na pagsisikap. Kung matuklasan mo na lumilihis ka ng landas sa iyong gawain, maaari mong baguhin ang paraan ng iyong pagdarasal. Hangga’t taos-puso kang naghahangad at nasasabik na tumanggap, tiyak na dadalhin ka ng Banal na Espiritu sa ganitong realidad. Kung minsan nagdarasal ka nang taos-puso ngunit parang hindi mo nadarama na naantig ka talaga. Sa mga panahong kagaya nito kailangan mong umasa sa pananampalataya, na nagtitiwala na nakabantay ang Diyos sa iyong mga dalangin; kailangan mong magtiyaga sa iyong mga panalangin.

Maging matapat ka; manalangin ka sa Diyos na alisin ang panlilinlang sa puso mo. Dalisayin mo ang iyong sarili sa pamamagitan ng panalangin

sa lahat ng oras, maantig ka ng Espiritu ng Diyos sa pamamagitan ng panalangin, at unti-unting magbabago ang iyong disposisyon. Ang tunay na espirituwal na buhay ay isang buhay ng panalangin—ito ay isang buhay na inaantig ng Banal na Espiritu. Ang proseso ng pag-antig ng Banal na Espiritu ay ang proseso ng pagbabago ng disposisyon ng tao. Ang buhay na hindi inaantig ng Banal na Espiritu ay hindi isang espirituwal na buhay, kundi isang buhay lamang ng relihiyosong ritwal. Yaon lamang mga madalas maantig ng Banal na Espiritu, at naliliwanagan at tinatanglawan ng Banal na Espiritu, ang nakapasok na sa espirituwal na buhay. Ang disposisyon ng tao ay patuloy na nagbabago habang siya ay nagdarasal. Kapag lalo siyang inaantig ng Espiritu ng Diyos, lalo siyang nagiging aktibo at masunurin. Kaya unti-unti ring madadalisay ang kanyang puso, at unti-unting magbabago ang kanyang disposisyon. Ganyan ang epekto ng tunay na panalangin.

mula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Matapos likhain ng Diyos ang sangkatauhan at pagkalooban sila ng mga espiritu, inutusan Niya sila na kung hindi sila tatawag sa Kanya, hindi sila makakaugnay sa Kanyang Espiritu at, sa gayon, imposibleng matanggap sa lupa ang “telebisyong panghimpapawid” mula sa langit. Kapag wala na ang Diyos sa espiritu ng mga tao, may naiwang isang upuang walang-laman para sa iba pang mga bagay, at sa gayon ay sinasamantala ni Satanas ang pagkakataong makapasok. Kapag ang mga tao ay nakikipag-ugnayan sa Diyos sa kanilang puso, natataranta kaagad si Satanas at nagmamadaling tumakas. Sa pamamagitan ng mga pagsamo ng sangkatauhan, ibinibigay sa kanila ng Diyos ang kailangan nila, ngunit hindi Siya “tumatahan” sa loob nila sa simula. Palagi lamang Niya silang binibigyan ng tulong dahil sa kanilang mga pagsamo, at mula sa lakas ng kaloobang iyon nagtatamo ng tibay ang mga tao, kaya hindi nangangahas si Satanas na pumasok para “maglaro” kung kailan niya gusto. Kaya, kung patuloy na nakikipag-ugnayan ang mga tao sa Espiritu ng Diyos, hindi nangangahas si Satanas na pumasok at magsanhi ng mga paggambala.

Kung wala ang mga paggambala ni Satanas, normal ang buhay ng lahat ng tao, at sa gayon ay may pagkakataon ang Diyos na gumawa sa kanilang kalooban nang walang hadlang. Sa gayon, maisasakatuparan ang nais gawin ng Diyos sa pamamagitan ng mga tao.

Hinango mula sa “Kabanata 17” ng Mga Pakahulugan sa mga Hiwaga ng mga Salita ng Diyos sa Buong Sansinukob sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang panalangin ay hindi isang uri ng ritwal; ito ay isang tunay na pagniniig sa pagitan ng isang tao at ng Diyos, at may malalim na kabuluhan. Makikita sa mga panalangin ng mga tao na direkta silang naglilingkod sa Diyos. Kung itinuturing mong ritwal ang panalangin, tiyak na hindi mo pinaglilingkuran nang maayos ang Diyos. Kung hindi ka nagdarasal nang taimtim o taos-puso, masasabi na mula sa pananaw ng Diyos, hindi ka umiiral bilang isang tao. Kaya, paano makagagawa sa iyo ang Banal na Espiritu? Ang resulta, pagkatapos mong magtrabaho sandali, mapapagod ka na. Mula ngayon, kung walang panalangin, hindi mo magagawang magtrabaho. Ang panalangin ang nagdudulot ng trabaho, at ang panalangin ang nagdudulot ng paglilingkod. Kung isa kang taong namumuno at naglilingkod sa Diyos, subalit hindi mo inilaan ang iyong sarili kailanman sa panalangin o naging seryoso kailanman sa iyong mga panalangin, ang paraan ng paglilingkod mo ay hahantong sa iyong pagbagsak. Anong nagdudulot sa mga taong maramdamang may karapatan silang hindi manalangin? Tumigil na ba silang manalangin dahil ang Diyos ay naging laman? Hindi iyan dahilan; minsan maging Ako ay nananalangin! Nang ang Panginoong Jesus ay nasa laman, nanalangin din Siya pagdating sa mga kritikal na bagay. Nanalangin Siya sa mga bundok, habang nakasakay sa mga bangka, at sa mga hardin; pinangunahan din Niya ang Kanyang mga disipulo na manalangin. Kung kaya mong madalas na humarap sa Diyos at manalangin sa Kanya, patunay iyon na itinuturing mo ang Diyos bilang Diyos. Kung madalas mong nakakaligtaang manalangin, at ugali mong gawing mag-isa ang mga bagay-bagay, ginagawa ang ganito at ganyan habang nakatalikod Siya, hindi mo

pinaglilingkuran ang Diyos; isinasagawa mo lamang ang sarili mong gusto. Kung magkagayon, hindi ka ba isusumpa? Sa tingin, parang wala ka namang nagawang nakakagambala, at parang hindi mo naman nalapastangan ang Diyos, ngunit ginagawa mo lang ang sarili mong gusto. Sa paggawa niyon, hindi ka ba nakakaabala? Kahit, sa tingin, mukhang hindi naman, sa diwa ay nilalabanan mo ang Diyos.

Hinango mula sa “Ang Kahalagahan ng Panalangin at Pagsasagawa Nito” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Wala nang higit pang kinamumuhian ang Diyos kaysa sa mga dalangin ng relihiyosong seremonya. Ang mga dalangin sa Diyos ay tinatanggap lamang kapag taos-puso ang mga ito. Kung wala kang sasabihing taos-puso, kung gayon tumahimik ka; huwag kang palaging nagsasalita ng mga maling salita at pabulag na sumusumpa sa harap ng Diyos, na sinusubukan Siyang linlangin, na nagsasabi kung gaano mo Siya kamahal, kung gaano mo nais na maging tapat sa Kanya. Kung hindi mo kayang kamtin ang iyong mga ninanasa, kung wala ka ng ganitong paninindigan at tayog, huwag kang manalangin nang ganoon, anuman ang sitwasyon, sa harap ng Diyos. Iyan ay pangungutya. Ang ibig sabihin ng pangungutya ay ginagawa mong katawa-tawa ang isang tao, pinaglalaruan mo sila. Kapag nananalangin ang mga tao sa harap ng Diyos nang may ganitong uri ng disposisyon, kahit paano, ito ay panlilinlang. Ang pinakamalala, kung madalas mo itong ginagawa, kung gayon talagang kasumpa-sumpa ang pagkatao mo. Kung isusumpa ka ng Diyos, tatawagin iyong kalapastanganan! Walang pagpipitagan ang mga tao sa Diyos, hindi nila alam kung paano magpitagan sa Diyos, o kung paano Siya mahalin at palugurin. Kung hindi malinaw sa kanila ang katotohanan, o tiwali ang kanilang disposisyon, palalampasin ito ng Diyos. Nguni’t dinadala nila ang gayong pagkatao sa harap ng Diyos, at tinatrato ang Diyos tulad ng pagtrato ng mga walang pananampalataya sa ibang mga tao. Bukod pa riyan, taimtim silang lumuluhod sa Kanyang harapan sa pananalangin, gamit ang mga salitang ito upang subukang lansihin ang Diyos, at kapag

tapos na sila, hindi lamang sila walang nadaramang pagsisisi, kundi wala rin silang pandama ng pagiging-seryoso ng kanilang mga pagkilos. Dahil diyan, kasama ba nila ang Diyos? Ang isang tao bang lubos na walang presensya ng Diyos ay maliliwanagan at maiilawan? Maliliwanagan ba sila ng katotohanan? (Hindi, hindi maaari.) Kung gayon ay may problema sila. Maraming beses ka na bang nakapanalangin nang gayon? Madalas mo bang ginagawa iyon? Kapag masyadong matagal ang panahong ginugugol ng mga tao sa panlabas na mundo, naaamoy sa kanila ang baho ng lipunan, nadaragdagan ang kanilang likas na karumihan, at napupuno sila ng mala-satanas na mga lason at pamamaraan ng pamumuhay; ang namumutawi sa kanilang bibig ay puro kasinungalingan at panlilinlang, nagsasalita sila nang hindi nag-iisip, o kung hindi man ay nagsasalita sila ng mga salitang palaging walang laman kundi sarili nilang mga motibo at mithiin, at bihirang may wastong mga motibo. Seryoso ang mga problemang ito. Kapag dinala ng mga tao ang mala-satanas na pilosopiya at paraan ng pamumuhay na ito sa harap ng Diyos, hindi ba nila nilalabag ang disposisyon ng Diyos?

Hinango mula sa “Kapag Kilala Mo ang Iyong Sarili, Saka Mo Lamang Hahangaring Matamo ang Katotohanan” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

At paano mo hinahangad na maantig ng Banal na Espiritu? Ang napakahalagang bagay ay ang mabuhay sa kasalukuyang mga salita ng Diyos, at manalangin sa saligan ng mga hinihingi ng Diyos. Sa pananalangin sa ganitong paraan, tiyak na aantigin ka ng Banal na Espiritu. Kung hindi ka naghahangad batay sa saligan ng mga salita na sinabi ng Diyos ngayon, ito ay walang ibubunga. Dapat kang manalangin, at sabihin: “O Diyos! Ikaw ay aking kinakalaban, at malaki ang aking pagkakautang sa Iyo; masyado akong masuwayin, at hindi kailanman nagagawang mapalugod Ka. O Diyos, hinihiling ko na iligtas Mo ako, nais kong maglingkod sa Iyo hanggang sa kahuli-hulihan, nais kong mamatay para sa Iyo. Hinahatulan Mo ako at kinakastigo ako, at wala akong mga reklamo; Ikaw ay aking kinakalaban at karapat-dapat akong mamatay,

upang lahat ng tao ay maaaring makita ang Iyong matuwid na disposisyon sa aking kamatayan.” Kapag nananalangin ka mula sa kaibuturan ng iyong puso sa ganitong paraan, diringgin ka ng Diyos, at gagabayan ka; kung hindi ka nananalangin sa saligan ng mga salita ng Banal na Espiritu ngayon, walang posibilidad na aantigin ka ng Banal na Espiritu. Kung ikaw ay mananalangin alinsunod sa kalooban ng Diyos, at alinsunod sa kung anong gustong gawin ng Diyos sa kasalukuyan, sasabihin mo: “O Diyos! Nais kong tanggapin ang Iyong mga tagubilin at maging tapat sa Iyong mga tagubilin, at nakahanda akong ilaan ang aking buong buhay sa Iyong kaluwalhatian, upang ang lahat ng aking ginagawa ay makaaabot sa mga pamantayan ng bayan ng Diyos. Nawa’y antigin Mo ang aking puso. Nais ko na liwanagan akong palagi ng Iyong Espiritu, upang ang lahat ng aking ginagawa ay magdulot ng kahihiyan kay Satanas, na sa bandang huli ako ay Iyong makamit.” Kung mananalangin ka sa ganitong paraan, sa paraang nakasentro sa kalooban ng Diyos, walang-pagsalang gagawa sa iyo ang Banal na Espiritu. Hindi mahalaga kung gaano karami ang mga salita sa iyong mga panalangin—ang susi ay kung nauunawaan mo o hindi ang kalooban ng Diyos. Maaaring nagkaroon na kayong lahat ng sumusunod na karanasan: Minsan, habang nananalangin sa isang pagpupulong, ang mga dinamika ng gawain ng Banal na Espiritu ay umaabot sa kanilang kasukdulan, na nagiging sanhi para umusbong ang lakas ng bawa’t isa. Ang ilang tao ay tumatangis at humahagulgol habang nananalangin, napuspos ng pagsisisi sa harap ng Diyos, at ang ilang tao ay ipinakikita ang kanilang kapasyahan, at gumagawa ng mga panata. Ang gayon ay ang epekto na tatamuhin ng gawain ng Banal na Espiritu. Sa kasalukuyan, napakahalaga na ganap na ibuhos ng lahat ng tao ang kanilang mga puso sa mga salita ng Diyos. Huwag magtuon ng pansin sa mga salita na sinabi noon; kung pinanghahawakan mo pa rin ang kung ano ang dumating noong una, ang Banal na Espiritu ay hindi gagawa sa kalooban mo. Nakikita mo ba kung gaano kahalaga ito?

Hinango mula sa “Alamin ang Pinakabagong Gawain ng Diyos at Sumunod sa Kanyang mga Yapak” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Nakatuklas ako ng isang suliranin na mayroon ang lahat ng tao. Kapag may nangyayari sa kanila, lumalapit sila sa Diyos upang manalangin, subalit, para sa kanila, ang panalangin ay isang bagay, at iba pa ang kasalukuyang usapin. Naniniwala silang hindi sila dapat magsalita ng tungkol sa mga nangyayari sa kanila sa panalangin. Bihira kayong manalangin nang taimtim, at may ilan na hindi man lamang alam kung paano. Ang totoo niyan, ang manalangin ay para talaga sabihin kung ano ang nasa puso mo, na parang nagsasalita ka lamang gaya nang karaniwan mong ginagawa. Gayunman, may mga tao na nakalilimot ng kanilang lugar sa sandaling mag-umpisa silang manalangin; ipinagpipilitan nilang pagkalooban sila ng Diyos ng isang bagay, walang-ingat kung ito ba ay naaayon sa sa Kanyang kalooban, at, bilang resulta, humihina ang kanilang mga panalangin sa pagdalangin. Kapag nananalangin ka, anuman ang hinihingi mo sa iyong puso, anuman ang inaasam mo; o, marahil, may suliranin kang nais harapin, ngunit wala kang malinaw na pagkaunawa rito, at hinihiling mo na bigyan ka ng Diyos ng karunungan o lakas, o na bigyan ka Niya ng kaliwanagan—anuman ang iyong kahilingan, dapat ay makatwiran ka sa pagsasabi nito. Kung hindi ka gayon, at lumuhod ka at nagsabing, “O Diyos, bigyan Mo ako ng lakas; hayaan Mong makita ko ang aking likas na pagkatao; nagmamakaawa akong gumawa Ka; nagmamakaawa ako sa Iyo para sa bagay na ito at iyon; nagmamakaawa ako sa Iyo na gawin mo akong ganito-at-ganyan...” Ang “pagmamakaawa” mong iyon ay may katangian ng pamimilit; ito ay isang tangkang pamumuwersa sa Diyos, upang pilitin Siyang gawin kung ano ang gusto mo—na ang mga itinatakda ay pinagpasyahan mo na pala antimano at nang mag-isa. Sa nakikita ng Banal na Espiritu, ano kaya ang epekto ng ganoong klaseng panalangin, kung naitakda mo na ang mga tuntunin at napagpasyahan mo na kung ano ang gusto mong gawin? Dapat manalangin ang sinuman nang may mapaghanap, mapagpakumbabang puso. Kapag may bagay na dumating sa iyo, halimbawa, at hindi ka sigurado kung paano ito harapin, maaaring masabi mo na, “O Diyos! Hindi ko alam kung ano ang gagawin tungkol dito. Nais kong mabigyan Ka ng

kaluguran sa bagay na ito, at hanapin ang Iyong kalooban. Mangyari nawa ang Iyong kalooban. Nais ko lamang na matupad ang Iyong kalooban, hindi ang kalooban ko. Nalalaman Mo na ang lahat ng pantaong kalooban ay kasalungat ng sa Iyo, at lumalaban sa Iyo, at hindi naaayon sa katotohanan. Hinihiling Ko na bigyan Mo ako ng kaliwanagan, bigyan mo ako ng paggabay sa bagay na ito, huwag mo akong hayaang magkasala sa Iyo....” Iyan ang angkop na tono para sa isang panalangin. Kung sinasabi mo lamang na, “O Diyos, hinihiling ko na tulungan Mo ako, gabayan Mo ako, pagkalooban Mo ako ng tamang kapaligiran at mga tamang tao, at hayaan mo akong magawa nang mabuti ang aking gawain...,” kung gayon, pagkatapos ng iyong panalangin, hindi mo pa rin nauunawaan ang kalooban ng Diyos, dahil hinihiling mo sa Diyos na gumawa Siya nang ayon sa sarili mong kalooban.

Dapat mo ngayong tiyakin kung ang mga salitang ginagamit mo sa panalangin ay makatwiran. Kung hindi makatwiran ang iyong mga panalangin, kahit pa bunga ito ng iyong kahangalan o ng pagkakasadya, hindi gagawa ang Banal na Espiritu sa iyo. Samakatuwid, kapag nananalangin ka, dapat kang magsalita nang matino, sa isang naaangkop na tono. Sabihin mo ito: “O Diyos! Nababatid mo ang aking mga kahinaan at aking pagiging mapaghimagsik. Hinihiling ko lamang na bigyan Mo ako ng lakas at tulungan Mo akong batahin ang aking kinalalagyan, subalit nang ayon lamang sa Iyong kalooban. Ito lamang ang aking hinihiling. Hindi ko alam kung ano ang Iyong kalooban, subalit matupad din nawa ang Iyong kalooban. Kahit pa papaglingkurin ako, o maging isang hambingan, maluwag sa loob ko itong gagawin. Hinihiling ko na bigyan Mo ako ng lakas at karunungan, at hayaan akong mabigyan ka ng kaluguran sa ganitong bagay. Nais ko lamang na magpasakop sa Iyong mga pagsasaayos....” Pagkatapos ng gayong panalangin, mapapanatag ang iyong puso. Kung ang ginagawa mo lamang ay palaging magmakaawa, kung gayon, gaano man karami ang sabihin mo, lahat ng ito ay magiging mga salitang walang-laman; Hindi gagawa ang Diyos bilang pagtugon sa iyong pagsamo, dahil nakapagpasya ka na kung ano ang gusto mo sa una pa lang. Kapag

lumuluhod ka sa panalangin, sabihin mo ito: “O Diyos! Nababatid Mo ang kahinaan ng tao, at nababatid Mo ang mga kalagayan ng tao. Hinihiling ko na bigyan Mo ako ng kaliwanagan sa bagay na ito. Hayaan Mo akong maunawaan ang Iyong kalooban. Nais ko lamang na magpasakop sa lahat ng Iyong isinasaayos; handa ang puso kong sundin Ka....” Manalangin nang gayon, at pakikilusin ka ng Banal na Espiritu. Kung hindi tama ang paraan ng iyong pananalangin, magiging walang pakinabang ang iyong panalangin, at hindi ka mapakikilos ng Banal na Espiritu. Huwag nang magsasasatsat pa at magsalita para iyong sarili—ang gawin iyon ay walang iba kundi pagiging pabaya at padalos-dalos. Gagawa ba ang Banal na Espiritu kung ikaw ay pabaya at padalos-dalos? Kapag lumalapit ang isang tao sa Diyos, dapat ay matuwid at maayos sila, na may debosyon, tulad ng mga pari noong Panahon ng Kautusan, na lahat ay lumuluhod kapag nag-aalay ng haing-sakripisyo. Hindi isang madaling bagay ang manalangin. Paano kaya uubra para sa isang tao ang paglapit sa Diyos nang nakalabas ang kanilang mga pangil at nakaamba ang kanilang matutulis na kuko, o ang manalangin nang nakatihaya, nalalambungan ng kanilang kumot, at naniniwalang naririnig sila ng Diyos? Hindi iyon kabanalan! Ang layunin Ko sa usapang ito ay hindi ang hingin sa mga tao na sumunod sa ilang tiyak na alituntunin; ang pinakasimpleng magagawa ng isang tao ay ihilig ang kanilang puso patungo sa Diyos, at lumapit sa Kanya nang may debosyon.

Hinango mula sa “Ang Kahalagahan ng Panalangin at Pagsasagawa Nito” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Napakadalas na wala sa katwiran ang inyong mga panalangin; lagi kayong dumadalangin sa ganitong tono: “Diyos ko! Yamang pinagagampanan Mo sa akin ang tungkuling ito, kailangan Mong gawing angkop ang lahat ng ginagawa ko para hindi maabala ang Iyong gawain at hindi mawalan ang mga interes ng sambahayan ng Diyos. Kailangan Mo akong protektahan….” Ang gayong panalangin ay walang-wala sa katwiran, hindi ba? Gagawa ba ang Diyos sa iyo kung lumalapit ka sa

Kanya at nananalangin sa ganoong paraan? Makikinig ba Ako kung lumapit ka sa harapan Ko at nagsalita sa ganoong paraan? Sisipain kita papalabas ng pinto! Hindi ka ba ganoon din sa harapan ng Espiritu katulad ng kung paano ka sa harapan ni Cristo? Kapag lumalapit ang isang tao sa Diyos upang manalangin, dapat nilang isaalang-alang kung paano nila ito dapat makatuwirang gawin, at kung paano nila maaaring isaayos ang kanilang panloob na kalagayan upang makamit ang kabanalan at magawang magpasakop. Kapag nagawa na ito, maaari ka nang magpatuloy at manalangin; mararamdaman mo ang presensya ng Diyos. Sa maraming pagkakataon, lumuluhod ang mga tao sa panalangin; ipinipikit nila ang kanilang mga mata, at wala silang maisip na mga salita kundi, "O Diyos! O Diyos!" Bakit ka sumisigaw nang gayon, walang masabing mga salita, sa loob ng matagal na panahon? Hindi tama ang iyong kalagayan. Nagagawa mo ba ang ganito? Alam mo na ngayon kung ano ang magagawa mo at kung hanggang saan mo ito makakayang gawin, at nagawa mo na ang iyong magagawa, ngunit may mga pagkakataon na malalagay ka sa mga hindi normal na kalagayan. Paminsan, bagamat maaaring nakaayon ang iyong kalagayan, maaaring hindi mo malaman kung paano ito nangyari, at, mas madalas pa nga, wala kang naiisip na mga salita kapag nananalangin. Baka maisisi mo pa nga ito sa kakulangan mo ng edukasyon. Dapat bang may mataas na pinag-aralan ang isang tao upang makapanalangin? Ang panalangin ay hindi isang sanaysay—magsalita ka lamang nang taos sa puso, na may katuwiran ng isang normal na tao. Tingnan mo ang mga panalangin ni Jesus (bagama't hindi binabanggit dito ang Kanyang mga panalangin para pumalit ang mga tao sa Kanyang lugar o posisyon): Sa Halamanan ng Getsemani, idinalangin Niya, "Kung baga maaari…." Ibig sabihin, "Kung magagawa." Sinabi ito sa talakayan; hindi Niya sinabing, "Nagsusumamo Ako sa Iyo." Na may puso at kalagayang nagpapasakop, idinalangin Niya, "Kung baga maaari, ay lumampas sa akin ang sarong ito: gayonma'y huwag ang ayon sa ibig ko, kundi ang ayon sa ibig mo" (Mateo 26:39). Ganito pa rin ang panalangin Niya sa pangalawang beses, at sa pangatlong beses idinalangin Niya,

“Mangyari nawa ang Iyong kalooban.” Nang maunawaan Niya ang mga layon ng Diyos Ama, sinabi Niya, “Mangyari nawa ang Iyong kalooban.” Nagawa Niyang lubos na magpasakop nang wala man lamang anumang pansariling pagpipilian. Sabi Niya, “Kung baga maaari, ay lumampas sa akin ang sarong ito.” Ano ang ibig sabihin niyon? Nanalangin Siya sa gayong paraan dahil naisip Niya ang malaking pagdurusa ng pagdurugo sa krus hanggang sa Kanyang huling hininga—at patungkol ito sa kamatayan—at dahil hindi pa Niya lubos na naunawaan ang mga layon ng Diyos Ama. Dahil nagawa Niyang manalangin nang gayon sa kabila ng naisip na pagdurusa, talagang nagpasakop Siya nang husto. Ang Kanyang paraan ng panalangin ay normal; hindi Siya nagmungkahi ng anumang mga kundisyon sa Kanyang panalangin, ni hindi Niya sinabing alisin ang saro. Sa halip, ang Kanyang layunin ay hanapin ang mga layon ng Diyos sa isang sitwasyong hindi Niya naunawaan. Nang una Siyang manalangin, hindi Siya lubos na nakaunawa, at sinabi Niya, “Kung baga maaari … kundi ang ayon sa ibig mo.” Nanalangin Siya sa Diyos na lubos na nagpapasakop. Sa pangalawang pagkakataon, nanalangin Siya sa gayon ding paraan. Sa kabuuan, tatlong beses Siya nanalangin (siyempre, ang tatlong panalanging ito ay hindi nangyari sa loob lamang ng tatlong araw), at sa Kanyang huling panalangin, lubos na Niyang naunawaan ang mga layon ng Diyos, pagkatapos niyon ay hindi na Siya nagsumamo pa ng anumang bagay. Sa Kanyang unang dalawang panalangin, nanalangin Siya sa kalagayan ng pagpapasakop. Gayunman, hindi talaga gayong manalangin ang mga tao. Sa kanilang mga panalangin, sinasabi ng mga tao, “Diyos ko, nagsusumamo ako na gawin Mo ito at iyon, at nagsusumamo ako na gabayan Mo ako sa ganito at ganoon, at nagsusumamo ako na ihanda Mo ang mga kundisyon para sa akin.…” Marahil ay hindi Siya naghahanda ng angkop na mga kundisyon para sa iyo at hahayaan kang magdanas ng mga paghihirap. Kung palaging sasabihin ng mga tao, “Diyos ko, hinihiling ko na gumawa Ka ng mga paghahanda para sa akin at bigyan Mo ako ng lakas.” Ang gayong pagdarasal ay talagang hindi makatwiran! Kailangan mong maging

makatwiran kapag nananalangin ka, at kailangan mong gawin iyon dahil nagpapasakop ka. Huwag limitahan ang iyong mga panalangin. Bago ka pa man magsimulang manalangin, nililimitahan mo na ito, iniisip na: dapat akong magsumamo sa Diyos at ipagawa sa Kanya ito at iyon. Ang ganitong paraan ng pagdalangin ay talagang hindi makatwiran. Kadalasan, hindi talaga pinapakinggan ng Diyos ang mga panalangin ng mga tao, kaya kapag nanalangin ang mga tao, wala silang anumang nadarama.

Hinango mula sa “Ang Kahalagahan ng Panalangin at Pagsasagawa Nito” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Bagamat ang lumuhod upang manalangin ay para makipag-usap sa Diyos nang mula sa puso, talastasin mo ito: Ang panalangin ng mga tao ay daluyan din para sa gawain ng Banal na Espiritu. Habang nananalangin at naghahangad ang isang taong nasa tamang kalagayan, gumagawa rin ang Banal na Espiritu kasabay niyon. Ito ay isang uri ng magkasundong kooperasyon sa pagitan ng Diyos at ng sangkatauhan mula sa dalawang magkaibang pananaw; sa madaling salita, tinutulungan ng Diyos ang mga tao na lutasin ang kanilang mga isyu. Ito ang uri ng kooperasyon mula sa mga tao kapag humaharap sila sa Diyos; isa rin ito sa mga paraan ng Diyos sa pagliligtas at paglilinis sa mga tao. Bukod pa riyan, ito ang landas para sa wastong pagpasok ng mga tao sa buhay, at hindi ito isang klase ng seremonya. Ang panalangin ay hindi basta udyok ng kasigasigan ng mga tao; kung iyon lamang iyon, sapat na sana iyon para matapos na lang at isigaw ang ilang sawikain, at hindi na kailangang humiling ng anuman, hindi na kailangang sumamba o magpakabanal. Ang kabuluhan ng panalangin ay napakalalim! Kung madalas kang manalangin, at kung marunong kang manalangin—madalas na nananalangin na kapwa nagpapasakop at makatwiran—magiging wasto lalo na ang iyong kalooban. Kung madalang mong ipahayag ang mga sawikain na iyon habang nananalangin, nang walang anumang pasanin at hindi isinasaalang-alang kung alin ang makatwiran sa ipinapanalangin mo, ano sa mga salita mo ang hindi makatwiran, at anong paraan ng pagsasalita

ang hindi tunay na pagsamba, at kung hindi ka naging seryoso kailanman tungkol sa mga bagay na ito, hindi magtatagumpay ang iyong mga panalangin, at laging magiging abnormal ang iyong kalooban; hindi mo malalaman ang mas malalalim na mga aral, hindi mo mapapalalim ang iyong pagpasok, kung ano ang normal na katwiran, ang tunay na pagpapasakop, ang tunay na pagsamba, at kung sa anong pananaw dapat manalangin ang isang tao. Lahat ng ito ay mahiwagang mga bagay.

Hinango mula sa “Ang Kahalagahan ng Panalangin at Pagsasagawa Nito” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Karamihan sa mga tao ay hindi naman talaga totoo kung manalangin sa madalas na pagkakataon, nagbabalik-tanaw lamang sila sa nakaraan, na may kapos na kaalaman sa kanilang mga isip at kagustuhang makapagsisi, subalit ni hindi nila pinagnilay-nilay ni naarok ang katotohanan. Ang mapagnilay-nilay ang mga salita ng Diyos at hanapin ang katotohanan habang nananalangin ay lalong mas mahirap kaysa pag-alaala at kaalaman lamang. Ang kasiglahang hatid sa inyo ng gawain ng Banal na Espiritu at ang kaliwanagan at pagpapalinaw na itinutustos ng Kanyang gawain sa iyo sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos ang siyang umaakay sa iyo sa totoong kaalaman at totoong pagsisisi; higit na malalalim ang mga ito kaysa sa mga kaisipan at kaalaman ng tao. Isa itong bagay na dapat lubusan mong malaman. Kung ipinapasok mo lamang ang iyong sarili sa mababaw, walang-tuos na pag-iisip at pagsusuri, wala kang naaakmang landas kung saan magsagawa, at kakaunting progreso lamang ang nagagawa mo tungo sa katotohanan, kung gayon ay mananatili kang walang kakayahang makapagbago. May mga sandali, halimbawa, kapag nagpapasya ang mga tao na gugulin ang kanilang sarili nang taimtim sa Diyos, at suklian ang Kanyang pagmamahal nang taimtim—subalit, sa ganitong hangarin, maaaring hindi mo magugol ang iyong sarili nang maraming enerhiya, at maaaring hindi buong maitali ang iyong puso sa pagpupunyagi. Datapuwat, kung matapos makapanalangin at makilos, gumawa ka ng isang panata at sinabing, “O Diyos, handa akong magdusa

ng kahirapan; handa akong tanggapin ang Iyong mga pagsubok; at handa akong ganap na magpasakop sa Iyo. Gaano man kabigat ang aking pagdurusa, handa akong suklian ang Iyong pagmamahal. Nasisiyahan ako sa Iyong dakilang pag-ibig, at itinaas Mo ako nang gayon—dahil dito, nagpapasalamat ako sa Iyo mula sa kaibuturan ng aking puso, at ibinibigay ko ang lahat ng kaluwalhatian sa Iyo," matapos makapag-alay ng gayong panalangin, palalakasin ang buo mong katawan, at magkakaroon ka ng landas kung saan makapagsasagawa. Ito ang bisa ng panalangin. Pagkatapos manalangin ng isang tao, nagsisimula nang gumawa ang Banal na Espiritu sa kanila, nililiwanagan, tinatanglawan and ginagabayan sila, at binibigyan sila ng pananampalataya at tapang na kinakailangan upang maisagawa ang katotohanan. May mga tao na nagbabasa ng mga salita ng Diyos araw-araw nang walang natatamong gayong resulta, bagaman, nabasa ang mga ito, kapag sila ay nagbabahagi tungkol dito, lumiliwanag ang kanilang mga puso, at nakakahanap sila ng paraang sumulong. Bilang karagdagan, kung kinikilos ka ng Banal na Espiritu nang bahagya at binibigyan ka ng kaunting patnubay, pati na ng kaunting pasanin, tiyak na magiging ibang-iba ang mga resulta. Kapag binabasa mo ang mga salita ng Diyos nang mag-isa, maaaring medyo makilos ka, at maaaring maiyak ka, subalit mawawala lang din kaagad ang iyong naramdaman pagkaraan ng ilang sandali. Datapuwat, kung naghahandog ka ng panalanging may pagluha, isang taimtim na panalangin, o isang panalanging totoo at taos sa puso, mabibigyan ka ng gayong sigla na kayang umabot nang ilang araw. Ito ang bisa ng panalangin. Ang layunin ng panalangin ay para lumapit ang mga tao sa Diyos at tanggapin ang mga ibibigay Niya sa kanila. Kung madalas kang nananalangin, at madalas na lumalapit sa Diyos upang makipagniig sa Kanya, at magkaroon ng normal na kaugnayan sa Kanya, lagi kang makikilos ng Diyos, at laging makakatanggap ng Kanyang mga pagtustos—at sinuman na laging nakakatanggap ng mga pagtustos mula sa Diyos ay nababago, at ang kanilang mga kalagayan ay bumubuti nang bumubuti. Lalo na, kapag sama-samang nananalangin ang mga kapatid, isang lalong malaking

enerhiya ang pumapailanlang pagkaraan nito, at pakiramdam nila ay may malaking bagay silang natamo. Sa katotohanan, maaaring hindi naman sila gaanong nakapagbahagi sa panahong magkakasama sila; ang panalangin ang nakapagparamdam sa kanila, sa puntong hindi na sila makapaghintay pa na talikuran ang kanilang mga pamilya at ang mundo, at wala silang anumang gusto, at sapat nang mayroon silang Diyos. Napakadakilang pananampalataya! Ang kapangyarihang ibinibigay sa tao ng gawain ng Banal na Espiritu ay matatamasa nang walang-katapusan! Hanggang saan ang mararating mo nang hindi umaasa sa kapangyarihang iyon, kundi tinutukuran ang iyong sarili at pinatitigas ang iyong leeg habang nagpapatuloy ka sa paglakad, o umaasa sa iyong sariling katiyagaan at katatagan ng loob? Mabubuwal ka sa hindi kalayuan at mapapahamak; habang naglalakad ka, papanawan ka ng lakas. Dapat pamalagiin ng mga tao ang kanilang pakikipag-ugnayan sa Diyos hanggang sa huli! Subalit ang tao, habang nagpapatuloy siya sa paglakad, ay lumilihis papalayo sa Diyos. Ang Diyos ay Diyos, ang tao ay tao, at bawat isa ay may sinusundang sariling landas; Sinasalita ng Diyos ang mga salita ng Diyos, at tinatahak ng tao ang kanyang sariling landas, na hindi kapareho ng sa Diyos. Kapag nawawalan ng lakas ang isang tao sa kanyang pananampalataya sa Diyos, lumalapit sila sa Diyos upang manalangin ng ilang mga salita at humihiram ng bahagyang lakas. Pagkatapos nilang makakuha ng kaunting enerhiya, muli silang umaalis. Sa ilang sandali, nauubusan sila ng gatong, at bumabalik sa Diyos para makakuha pa. Kapag kumikilos sa ganitong paraan, hindi ito masususstena ng tao sa mahabang panahon; kung iiwan ng tao ang Diyos, wala silang paraan para makasulong.

Hinango mula sa “Ang Kahalagahan ng Panalangin at Pagsasagawa Nito” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Noong siya ay kinakastigo ng Diyos, nanalangin si Pedro, “O Diyos! Ang aking laman ay masuwayin, at kinakastigo Mo ako at hinahatulan ako. Ako ay nagagalak sa Iyong pagkastigo at paghatol, at kahit hindi Mo ako

nais, sa Iyong paghatol ay nakikita ko ang Iyong banal at matuwid na disposisyon. Kapag hinahatulan Mo ako, upang makita ng iba ang Iyong matuwid na disposisyon sa Iyong paghatol, ako ay nasisiyahan. Kung maipapahayag nito ang Iyong disposisyon at mapahihintulutan ang Iyong matuwid na disposisyon na makita ng lahat ng nilalang, at kung gagawin nitong mas dalisay ang aking pagmamahal sa Iyo, upang maging kawangis ko ang isang matuwid, ang paghatol Mo ay mabuti, sapagkat gayon ang Iyong mapagpalang kalooban. Batid ko na puno pa rin ako ng panghihimagsik, at na ako ay hindi pa rin nararapat na lumapit sa harap Mo. Nais kong ako ay mas hatulan Mo pa, sa pamamagitan man ng isang malupit na kapaligiran o matitinding kapighatian. Anuman ang ginagawa Mo, para sa akin ito ay napakahalaga. Ang Iyong pag-ibig ay napakalalim, at handa akong ilagay ang aking sarili sa Iyong pagsasaayos nang walang munti mang pagdaing." Ito ang kaalaman ni Pedro pagkatapos niyang maranasan ang gawain ng Diyos, at ito rin ay isang patotoo sa kanyang pag-ibig sa Diyos.

Hinango mula sa "Ang mga Karanasan ni Pedro: Ang Kanyang Kaalaman sa Pagkastigo at Paghatol" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

8. Ang mga Prinsipyo ng Pananalangin sa Diyos at Pagsamba sa Kanya

(1) Kapag natatamo ng isang tao ang kaliwanagan at pagpapalinaw ng Banal na Espiritu sa panahon ng panalangin, dapat nilang pasalamatan at purihin ang Diyos. Kapag natatamasa ang gawain ng Banal na Espiritu, dapat silang magpatirapa at sambahin ang Diyos;

(2) Basahin nang madalas ang mga salita ng Diyos. Kapag nauunawaan ng isang tao ang katotohanan at nakikita ang pagmamahal at mga pagpapala ng Diyos, dapat silang maghandog ng pasasalamat at papuri sa Kanya. Ito ang tunay na pagsamba sa Diyos;

(3) Kapag hindi dumadaing ang isang taong nahaharap sa mga pagsubok at matitinding pagtitiis, bagkus naninindigan sa kanyang patotoo, bunga ito ng proteksyon ng Diyos, at dapat silang maghandog ng

pasasalamat at papuri sa Kanya;

(4) Kapag, sa pagsailalim sa paghatol at pagkastigo ng Diyos, naparito ang isang tao upang magkaroon ng kaalaman sa sarili niyang tiwaling diwa at upang makita ang katuwiran at kabanalan ng Diyos, dapat niyang sambahin ang Diyos.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang kabuluhan ng panalangin ay napakalalim! Kung madalas kang manalangin, at kung marunong kang manalangin—madalas na nananalangin na kapwa nagpapasakop at makatwiran—magiging wasto lalo na ang iyong kalooban. Kung madalang mong ipahayag ang mga sawikain na iyon habang nananalangin, nang walang anumang pasanin at hindi isinasaalang-alang kung alin ang makatwiran sa ipinapanalangin mo, ano sa mga salita mo ang hindi makatwiran, at anong paraan ng pagsasalita ang hindi tunay na pagsamba, at kung hindi ka naging seryoso kailanman tungkol sa mga bagay na ito, hindi magtatagumpay ang iyong mga panalangin, at laging magiging abnormal ang iyong kalooban; hindi mo malalaman ang mas malalalim na mga aral, hindi mo mapapalalim ang iyong pagpasok, kung ano ang normal na katwiran, ang tunay na pagpapasakop, ang tunay na pagsamba, at kung sa anong pananaw dapat manalangin ang isang tao. Lahat ng ito ay mahiwagang mga bagay. Dahil madalang ang karamihan sa inyo na tuwirang makisalamuha sa Akin, nalilimitahan ka na manalangin sa harapan ng Espiritu, at bawat panalangin mo ay sinusukat kung makatuwiran ba ang mga salitang pinipili mo; kung tunay ka bang palasamba; kung nakakatugon ba ang mga hinihingi mo sa pagsang-ayon ng Diyos; kung may kaakibat bang elemento ng pakikipagtransaksyon na nakapaloob sa iyong panalangin, o kung nababahiran ba ito ng mga karumihan ng tao; kung sang-ayon ba sa katotohanan ang iyong pananalita, pag-uugali at mga kapasyahan; kung ikaw ay may natatanging pagpipitagan, paggalang, at pagkamasunurin sa Diyos; at kung tunay mong itinuturing ang Diyos bilang Diyos. Dapat ituring na seryoso ng sinuman ang pribadong sinasabi nila sa pananalangin, at gawin ito nang taimtim; sa ganoong paraan lamang magkakaroon ka ng

normal na pakiramdam kapag lumalapit ka kay Cristo. Kung hindi mo ito siniseryoso sa harapan ng Espiritu, kapag lumapit ka naman kay Cristo, lagi kang salungat, o makikipag-usap ka nang di-makatuwiran, o magsasalita nang walang katapatan, o palaging magdudulot ng kaguluhan sa pamamagitan ng iyong pananalita at mga kilos, at pagkaraan nito, lagi kang makakaramdan ng paninisi. Bakit mo mararamdaman na lagi kang sinisisi? Dahil, bilang patakaran, wala ka ni kaunting kaalaman sa mga katotohanan ng kung paano sambahin o ituring ang Diyos, kaya, kapag may nasasagupa kang suliranin, nalilito ka, at hindi mo alam kung paano magsagawa, at palagi kang nagkakamali.

Hinango mula sa “Ang Kahalagahan ng Panalangin at Pagsasagawa Nito” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Para sa inyo, napakahalaga ng panalangin. Kapag nanalangin ka at tinanggap mo ang gawain ng Banal na Espiritu, aantigin ng Diyos ang puso mo, at lalakas ang loob mo na mahalin ang Diyos. Kung hindi ka magdarasal nang taos sa puso mo, kung hindi mo bubuksan ang puso mo para makipagniig sa Diyos, mawawalan ng paraan ang Diyos na gumawa sa iyo. Pagkatapos mong manalangin at masabi ang nasa puso mo, kung hindi pa nasimulan ng Espiritu ng Diyos ang Kanyang gawain, at wala kang natanggap na inspirasyon, ipinapakita nito na hindi tapat ang puso mo, hindi totoo ang sinasabi mo, at hindi pa rin dalisay. Pagkatapos mong manalangin, kung nakadama ka ng kasiyahan, naging katanggap-tanggap sa Diyos ang iyong mga panalangin at gumagawa sa iyo ang Espiritu ng Diyos. Bilang isang taong naglilingkod sa harap ng Diyos, hindi maaaring hindi ka manalangin. Kung tunay mong itinuturing na makabuluhan at mahalaga ang pakikipagniig sa Diyos, maaari mo bang talikdan ang panalangin? Walang sinumang maaaring mabuhay na walang pakikipagniig sa Diyos. Kung walang panalangin, nabubuhay ka sa laman, sa pagkaalipin kay Satanas; kung walang tunay na panalangin, nabubuhay ka sa ilalim ng impluwensya ng kadiliman. Umaasa Ako na nagagawa ninyo, mga kapatid, na tunay na manalangin sa bawat araw. Hindi ito

tungkol sa pagsunod sa mga panuntunan, kundi tungkol sa pagtatamo ng tiyak na resulta. Handa ka bang isakripisyo ang kaunting tulog at kasiyahan upang bumangon nang maaga para sa mga panalangin sa umaga at masiyahan sa mga salita ng Diyos? Kung nagdarasal ka na may dalisay na puso at kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos nang gaya nito, lalo kang magiging katanggap-tanggap sa Kanya. Kung ginagawa mo ito tuwing umaga, kung araw-araw mong isinasagawa na ibigay ang puso mo sa Diyos, makipagniig at makipag-usap sa Kanya, siguradong madaragdagan ang iyong kaalaman tungkol sa Diyos, at mas mauunawaan mo ang kalooban ng Diyos. Sinasabi mo: “Diyos ko! Handa akong gampanan ang aking tungkulin. Sa Iyo ko lamang inilalaan nang lubusan ang aking buong pagkatao, upang Ikaw ay maluwalhati sa amin, upang matamasa Mo ang patotoong ibinabahagi ng grupo naming ito. Isinasamo ko na gumawa Ka sa amin, upang magawa kong tunay Kang mahalin at palugurin Ka at hanapin Ka bilang aking layunin.” Habang tinatanggap mo ang pasaning ito, tiyak na gagawin kang perpekto ng Diyos. Hindi ka dapat manalangin para lamang sa iyong sariling kapakanan, kundi dapat ka ring manalangin para masunod ang kalooban ng Diyos at para mahalin Siya. Ito ang pinakatunay na uri ng panalangin. Nagdarasal ka ba para masunod ang kalooban ng Diyos?

Hinango mula sa “Tungkol sa Pagsasagawa ng Panalangin” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Lahat kayo ay naglalaan ng oras upang manalangin kapag humaharap kayo sa mga suliranin at paghihirap, ngunit nananalangin ba kayo kapag nasa mabuti kayong kalagayan, o kapag pakiramdam ninyo ay naging matagumpay ang isang pagtitipon? Karamihan sa inyo ay hindi, sa tingin Ko. Pagkatapos ng isang matagumpay na pagtitipon, dapat din kayong maghandog ng panalangin at pagpupuri. Kung pupurihin ka ng isang tao, magiging mayabang ka, pakiramdam mo ay kinasihan ka ng katotohanan, at sa gayon mababalaho ka sa isang hindi tamang kalagayan. Subalit, mararamdaman mong tuwang-tuwa ang iyong puso, hindi mag-aalay ng

mga panalangin ng pagpupuri, walang sasabihing mga panalangin ng pagpapasalamat. Dahil nakabalaho ka ngayon sa ganitong uri ng kalagayan, sa susunod na pagtitipon, mapapansin mo sa iyong sarili na hindi ka makaimik, at mararamdaman mong wala sa iyo ang gawain ng Banal na Espiritu. Ang pinakamapanganib na kalagayan ay kapag hindi makontrol ng isang tao ang kanyang kalagayan, nagpapakasaya sa mga bunga ng kanyang pinagpagalan kapag nakagawa siya nang kaunting gawain, o nangangailangan ng ilang araw, marahil, upang makabawi mula sa isang tila negatibong kalagayan. Naglalaan kayong lahat ng panahon upang manalangin kapag may mga suliranin kayo, o kapag hindi ninyo lubos na nauunawaan ang isang bagay; nananalangin kayo kapag binabagabag ng pag-aalinlangan at pag-aatubili, o kapag ibinubunyag mo ang isang tiwaling disposisyon—nananalangin ka lamang kapag ikaw ay nangangailangan. Dapat ka ring manalangin kapag matagumpay ka sa iyong gawain. Kapag nakakakita ka ng mga resulta mula sa iyong gawain, nagiging napakasaya mo na hindi ka na nananalangin, ngunit kuntento sa iyong kagalakan, at nananatiling nakabalaho sa ganoong kalagayan. Sa mga ganitong pagkakataon, maaaring masalang ang ilang tao sa kaunting disiplina. Baka, halimbawa, masumpungan mo ang iyong sarili na naharang habang namimili, o nanakawan ng iyong pera, o baka may nasabing hindi kanais-nais ang isang hindi mananampalataya na nagdudulot sa iyo ng sama ng loob at pagkabahala, at sa kabila pa rin nito, hindi mo malalaman kung sa anong bagay ka nagkasala sa Diyos. Sa katunayan, madalas ginagamit ng Diyos ang panlabas na kapaligiran upang disiplinahin ka at saktan ang iyong puso, at, kapag sa wakas ay lumapit ka sa Diyos upang manalangin, nagsasalita ka ng kaunting mga salita ng pagdalangin, napagtatanto mo na ang iyong kalagayan ay hindi tama—kampante at marahil, mapagmataas—at nasusuklam ka sa iyong sarili. Kasunod ng mga salitang iyon ng pagdalangin, ang hindi tamang kalagayan sa loob mo ay naitutuwid. Kapag nananalangin ka, gumagawa ang Banal na Espiritu, at nagbibigay sa iyo ng partikular na pakiramdam na nakapagpapaahon sa iyo mula sa iyong hindi normal na kalagayan. Ang

manalangin ay hindi lamang basta upang maghangad nang kaunti, upang sumunod sa ilang mga pormalidad, at pagkaraan ay tapos na; ang manalangin ay hindi pagsasalita ng kaunting mga salita ng pagdalangin kapag kailangan mo ang Diyos, at pagkatapos ay wala kapag hindi mo kailangan ang Diyos. Kung matagal na panahon kang hindi nakapanalangin, gaano ka man sana kasigla, at kahit pa maaari sanang maging normal ang iyong kalagayan, mararamdaman mo, sa sari-sari mong ginagawa, na kumikilos ka nang ikaw lang. Hindi ka maliliwanagan o matatanglawan ng Banal na Espiritu; susundin mo lamang ang mga alituntunin. Ang kumilos sa gayong paraan kapag tumutupad ng iyong tungkulin ay walang ibubunga.

Hinango mula sa “Ang Kahalagahan ng Panalangin at Pagsasagawa Nito” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

May mga pagkakataon, kapag tinatamasa mo ang mga salita ng Diyos, ang iyong espiritu ay inaantig, at nadarama mo na hindi mo mapigilang ibigin ang Diyos, na mayroong matinding lakas sa kalooban mo, at na walang anumang bagay ang hindi mo maisasantabi. Kung ganito ang nadarama mo, ikaw ay naantig na ng Espiritu ng Diyos, at ang iyong puso ay nakabaling na nang ganap sa Diyos, at mananalangin ka sa Diyos at sasabihing: “O Diyos! Kami ay tunay na itinalaga at pinili Mo. Ang Iyong kaluwalhatian ay nagbibigay sa akin ng karangalan, at nakaluluwalhati para sa akin na maging isa sa Iyong mga tao. Gugugulin ko ang anumang bagay at ibibigay ang anumang bagay upang gawin ang Iyong kalooban, at ilalaan ko ang lahat ng aking mga taon, at ang habambuhay na pagsisikap, sa Iyo.” Kapag ikaw ay nananalangin sa ganitong paraan, magkakaroon ng walang-katapusang pag-ibig at tunay na pagsunod sa Diyos sa iyong puso. Nagkaroon ka na ba ng isang karanasang kagaya nito? Kung ang mga tao ay madalas antigin ng Espiritu ng Diyos, sila ay lalong nakahanda na ilaan ang kanilang mga sarili sa Diyos sa kanilang mga panalangin: “O Diyos! Nais kong makita ang Iyong araw ng kaluwalhatian, at nais kong mabuhay para sa Iyo—walang anuman ang higit na karapat-dapat o makahulugan

kaysa sa mabuhay para sa Iyo, at wala akong taglay ni katiting na pagnanais na mabuhay para kay Satanas at sa laman. Itinataas Mo ako sa pamamagitan ng pagtutulot sa akin na mabuhay para sa Iyo sa kasalukuyan." Kapag nanalangin ka na sa ganitong paraan, madarama mo na hindi mo mapigilang ibigay ang iyong puso sa Diyos, na dapat mong makamit ang Diyos, at kasusuklaman mong mamatay nang hindi nakakamit ang Diyos habang ikaw ay nabubuhay. Pagkasabi ng gayong panalangin, magkakaroon ng di-nauubos na lakas sa kalooban mo, at hindi mo malalaman kung saan ito nagmumula; sa iyong puso ay magkakaroon ng walang-hanggang kapangyarihan, at magkakaroon ng pakiramdam na ang Diyos ay labis na kaibig-ibig, at Siya ay nararapat ibigin. Ito ay kapag naantig ka na ng Diyos. Lahat niyaong nagkaroon na ng gayong karanasan ay naantig na ng Diyos. Para sa kanila na madalas antigin ng Diyos, ang mga pagbabago ay nangyayari sa kanilang mga buhay, nagagawa nilang gawin ang kanilang pagpapasya at nakahandang ganap na kamtin ang Diyos, ang pag-ibig para sa Diyos sa kanilang mga puso ay higit na malakas, ang kanilang mga puso ay ganap nang bumaling sa Diyos, wala silang pagpapahalaga sa pamilya, sa mundo, sa mga kaugnayan, o sa kanilang kinabukasan, at nakahanda silang maglaan ng habambuhay na pagsisikap sa Diyos. Lahat niyaong naantig na ng Espiritu ng Diyos ay mga taong naghahangad sa katotohanan, at mayroong taglay na pag-asa na gagawing perpekto ng Diyos.

Hinango mula sa "Alamin ang Pinakabagong Gawain ng Diyos at Sumunod sa Kanyang mga Yapak" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa kapanahunan ngayon inaantig pa rin ng Banal na Espiritu ang mga tao upang tulutan silang makadama ng kasiyahan, at Siya ay namumuhay kasama ng tao. Ito ang pinagmumulan ng espesyal, nakasisiyang mga damdaming iyon[a] na madalas mangyari sa iyong buhay. Paminsan-minsan, dumarating ang araw na nadarama mo na ang Diyos ay talagang kaibig-ibig at hindi mo mapigilang manalangin sa Kanya: "Oh Diyos! Napakaganda ng Iyong pag-ibig at ang Iyong imahe ay napakadakila. Nais

kong ibigin Ka nang mas malalim. Nais kong ilaan ang lahat ng aking sarili upang gugulin ang kabuuan ng aking buhay. Ihahandog ko ang lahat sa Iyo, basta ito ay para sa Iyo, basta sa paggawa nito ay magagawa kong mahalin Ka….” Ito ay isang damdamin ng kasiyahan na ibinigay sa iyo ng Banal na Espiritu. Hindi ito kaliwanagan, ni ito man ay pagpapalinaw; ito ang karanasan ng pagiging inaantig. Ang mga karanasang kapareho nito ay mangyayari paminsan-minsan: Minsan kapag papunta ka na sa iyong gawain, mananalangin ka at mapapalapit sa Diyos, at maaantig ka hanggang sa mababasa na ng luha ang iyong mukha at mawawala ang lahat ng iyong pagpipigil sa sarili, at mababalisa ka na maghanap ng isang angkop na lugar kung saan maipahahayag mo ang lahat ng alab sa loob ng iyong puso…. May mga pagkakataon na kapag ikaw ay nasa isang pampublikong lugar, at madarama mo na masyado kang nasisiyahan sa pag-ibig ng Diyos, na ang iyong kapalaran ay hindi karaniwan, at na bukod pa rito ay isinasabuhay mo ang iyong buhay nang mas makabuluhan kaysa kaninuman. Lubos mong malalaman na itinaas ka na ng Diyos at na ito ang dakilang pag-ibig ng Diyos para sa iyo. Sa kaibuturan ng iyong puso madarama mo na mayroong isang uri ng pag-ibig sa Diyos na di-maipahahayag at di-maarok ng tao, na parang alam mo ito nguni’t walang paraan para ilarawan ito, palagi kang pinag-iisip nang mabuti nguni’t iiwan kang hindi ito maipahayag nang lubos. Sa mga panahong kagaya nito, makakalimutan mo pa nga kung nasaan ka, at mananawagan ka: “Oh Diyos! Napakahirap Mong arukin, at talagang minamahal!” Dahil dito ay magugulumihanan ang mga tao, nguni’t lahat ng gayong mga bagay ay medyo madalas mangyari. Napakaraming beses na ninyong naranasan ang ganitong klaseng bagay. Ito ang buhay na naibigay sa iyo ng Banal na Espiritu ngayon at ang buhay na dapat mong ipinamumuhay ngayon.

Hinango mula sa “Pagsasagawa (1)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ngayon ay dapat mo nang makita nang malinaw ang eksaktong landas na tinahak ni Pedro. Kung malinaw mong nakikita ang landas ni Pedro, makatitiyak ka sa gawaing ginagawa ngayon, para hindi ka magreklamo o

magsawalang-kibo, o manabik sa anuman. Dapat mong maranasan ang pakiramdam ni Pedro sa panahong iyon: Labis siyang nalungkot; hindi na siya humiling ng kinabukasan o anumang mga pagpapala. Hindi siya naghangad na kumita, lumigaya, sumikat, o yumaman sa mundo; hinangad lamang niyang mamuhay ng pinaka-makabuluhang buhay, yaong masuklian ang pagmamahal ng Diyos at mailaan ang itinuring niyang pinakamahalaga sa Diyos. Sa gayon ay malulugod siya sa kanyang puso. Madalas siyang manalangin kay Jesus sa mga salitang: “Panginoong Jesucristo, minsan Kitang minahal, ngunit hindi Kita tunay na minahal. Bagama’t sinabi kong may pananampalataya ako sa Iyo, kailanma’y hindi Kita minahal nang taos-puso. Iginalang lamang Kita, sinamba Kita, at pinangulilahan Kita, ngunit hindi Kita minahal kailanman ni hindi ako talaga nagkaroon ng pananampalataya sa Iyo.” Palagi siyang nanalangin upang matibay siyang makapagpasiya, at palagi siyang nahikayat sa mga salita ni Jesus at naganyak siya mula sa mga iyon. Kalaunan, pagkaraan ng isang panahon ng karanasan, sinubok siya ni Jesus, na inuudyukan siyang manabik pang lalo sa Kanya. Sinabi niya: “Panginoong Jesucristo! Labis akong nangungulila sa Iyo, at nananabik akong masilayan Ka. Labis akong nagkukulang, at hindi ko matumbasan ang Iyong pagmamahal. Nagmamakaawa akong kunin Mo na ako kaagad. Kailan Mo ako kakailanganin? Kailan Mo ako kukunin? Kailan ko muling masisilayan ang Iyong mukha? Ayaw ko nang mabuhay sa katawang ito, upang patuloy na maging tiwali, ni hindi ko nais na maghimagsik pa. Handa akong ilaan sa Iyo ang lahat ng mayroon ako sa lalong madaling panahon, at ayaw kong palungkutin Ka pa.” Ganito siya nanalangin, ngunit hindi niya alam sa panahong ito kung ano ang gagawing perpekto ni Jesus sa kanya. Habang nahihirapan sa kanyang pagsubok, nagpakitang muli si Jesus sa kanya at sinabing: “Pedro, nais kong gawin kang perpekto, hanggang sa ikaw ay maging isang piraso ng bunga, na siyang bubuo sa Aking pagpeperpekto sa iyo, at siyang ikasisiya Ko. Maaari ka bang tunay na magpatotoo para sa Akin? Nagawa mo ba ang ipinagagawa Ko sa iyo? Naisabuhay mo ba ang mga salitang nasambit Ko? Minsan mo Akong minahal, ngunit kahit

minahal mo Ako, naisabuhay mo ba Ako? Ano ang nagawa mo para sa Akin? Kinikilala mo na hindi ka karapat-dapat sa Aking pagmamahal, ngunit ano ang nagawa mo para sa Akin?" Nakita ni Pedro na wala siyang nagawa para kay Jesus at naalala niya ang dating sumpa na ibibigay niya ang kanyang buhay sa Diyos. Kaya nga, hindi na siya nagreklamo, at ang kanyang mga panalangin mula noon ay mas bumuti pa. Nanalangin siya, sinasabing: "Panginoong Jesucristo! Minsan Kitang tinalikuran, at minsan Mo rin akong tinalikuran. Gumugol tayo ng panahon na magkahiwalay, at ng panahon na magkasama. Subalit minahal Mo ako nang higit sa lahat. Paulit-ulit akong naghimagsik laban sa Iyo at paulit-ulit Kitang pinagdalamhati. Paano ko malilimutan ang gayong mga bagay? Lagi kong isinasaisip at hindi ko kinalilimutan ang gawaing nagawa mo sa akin at ang naipagkatiwala Mo sa akin. Nagawa ko ang lahat ng makakaya ko para sa gawaing nagawa Mo sa akin. Alam Mo kung ano ang kaya kong gawin, at alam Mo rin kung anong papel ang kaya kong gampanan. Nais kong magpasakop sa Iyong mga pagsasaayos, at ilalaan ko sa Iyo ang lahat ng mayroon ako. Ikaw lamang ang nakakaalam kung ano ang kaya kong gawin para sa Iyo. Bagama't labis akong nilinlang ni Satanas at naghimagsik ako laban sa Iyo, naniniwala ako na hindi Mo ako inaalala sa mga paglabag na iyon at na hindi Mo ako tinatrato batay sa mga iyon. Nais kong ilaan ang buong buhay ko sa Iyo. Wala akong hinihiling, ni wala akong ibang mga inaasam o mga plano; nais ko lamang kumilos ayon sa Iyong layon at gawin ang Iyong kalooban. Iinom ako mula sa Iyong mapait na saro, at narito ako upang pag-utusan Mo."

Hinango mula sa "Paano Nakilala ni Pedro si Jesus" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Maraming beses Ko siyang isinailalim sa mga pagsubok—mga pagsubok, natural, na muntik na niyang ikamatay—ngunit sa kabila ng daan-daang pagsubok na ito, hindi siya nawalan ng pananampalataya sa Akin kailanman o nadismaya sa Akin. Kahit noong sabihin Ko na natalikuran Ko siya, hindi pa rin siya pinanghinaan ng loob, at patuloy niya

Akong minahal sa isang praktikal na paraan at alinsunod sa dating mga prinsipyo ng pagsasagawa. Sinabi Ko sa kanya na hindi Ko siya pupurihin kahit minahal niya Ako, na sa huli ay ihahagis Ko siya sa mga kamay ni Satanas. Ngunit sa gitna ng mga pagsubok na ito, mga pagsubok na hindi sumapit sa kanyang laman, kundi sa mga salita, nanalangin pa rin siya sa Akin at nagsabing, “Diyos ko! Sa langit at sa lupa, at sa lahat ng bagay, mayroon bang sinumang tao, anumang nilalang, o anumang bagay na hindi Mo hawak sa mga kamay Mo, ang Makapangyarihan sa lahat? Kapag maawain Ka sa akin, labis na nagagalak ang puso ko sa Iyong awa. Kapag hinahatulan Mo ako hindi man ako karapat-dapat, lalo kong nadarama ang napakalalim na hiwaga ng Iyong mga gawa, dahil puno Ka ng awtoridad at karunungan. Bagama’t nahihirapan ang aking laman, naaaliw ang aking espiritu. Paanong hindi ko pupurihin ang Iyong karunungan at mga gawa? Kahit mamatay ako matapos Kang makilala, paanong hindi ko magagawa iyon nang may galak at masaya? Makapangyarihan sa lahat! Talaga bang ayaw Mo akong makita Ka? Talaga bang hindi ako karapat-dapat na tumanggap ng Iyong paghatol? Maaari kayang may isang bagay sa akin na ayaw Mong makita?” Sa gayong mga pagsubok, kahit hindi naintindihang mabuti ni Pedro ang Aking kalooban, malinaw na ipinagmalaki at ikinarangal niya na kinasangkapan Ko siya (kahit tinanggap niya ang Aking paghatol upang makita ng sangkatauhan ang Aking kamahalan at poot), at na hindi siya nabalisa sa mga pagsubok na ito. Dahil sa kanyang katapatan sa Aking harapan, at dahil sa Aking pagpapala sa kanya, naging isa siyang uliran at huwaran sa tao sa loob ng libu-libong taon. Hindi ba ito mismo ang dapat ninyong tularan?

Hinango mula sa “Kabanata 6” ng Mga Salita ng Diyos sa Buong Sansinukob sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Noong siya ay kinakastigo ng Diyos, nanalangin si Pedro, “O Diyos! Ang aking laman ay masuwayin, at kinakastigo Mo ako at hinahatulan ako. Ako ay nagagalak sa Iyong pagkastigo at paghatol, at kahit hindi Mo ako nais, sa Iyong paghatol ay nakikita ko ang Iyong banal at matuwid na

disposisyon. Kapag hinahatulan Mo ako, upang makita ng iba ang Iyong matuwid na disposisyon sa Iyong paghatol, ako ay nasisiyahan. Kung maipapahayag nito ang Iyong disposisyon at mapahihintulutan ang Iyong matuwid na disposisyon na makita ng lahat ng nilalang, at kung gagawin nitong mas dalisay ang aking pagmamahal sa Iyo, upang maging kawangis ko ang isang matuwid, ang paghatol Mo ay mabuti, sapagkat gayon ang Iyong mapagpalang kalooban. Batid ko na puno pa rin ako ng panghihimagsik, at na ako ay hindi pa rin nararapat na lumapit sa harap Mo. Nais kong ako ay mas hatulan Mo pa, sa pamamagitan man ng isang malupit na kapaligiran o matitinding kapighatian. Anuman ang ginagawa Mo, para sa akin ito ay napakahalaga. Ang Iyong pag-ibig ay napakalalim, at handa akong ilagay ang aking sarili sa Iyong pagsasaayos nang walang munti mang pagdaing." Ito ang kaalaman ni Pedro pagkatapos niyang maranasan ang gawain ng Diyos, at ito rin ay isang patotoo sa kanyang pag-ibig sa Diyos. … Noong malapit na siyang mamatay, matapos siyang gawing perpekto, sinabi ni Pedro, "O Diyos! Kung ako ay mabubuhay ng ilan pang mga taon, nais kong magkaroon ng mas higit na dalisay at higit na malalim na pag-ibig sa Iyo." Noong siya ay ipapako na sa krus, nanalangin siya sa kanyang puso, "O Diyos! Ang Iyong panahon ay dumating na ngayon, ang panahong Iyong inihanda para sa akin ay dumating na. Ako ay dapat na maipako sa krus para sa Iyo, dapat akong magpatotoo nito sa Iyo, at umaasa ako na ang aking pag-ibig ay makatutugon sa Iyong mga pamantayan, at na ito ay mas higit pang magiging dalisay. Ngayon, ang mamatay para sa Iyo, at maipako sa krus para sa Iyo, ay nagbibigay kaginhawahan at katiyakan sa akin, sapagkat wala nang higit pang kasiya-siya sa akin kaysa sa mapako sa krus para sa Iyo at matugunan ang Iyong mga nais, at maibigay ang aking sarili sa Iyo, maialay ang aking buhay sa Iyo. O Diyos! Ikaw ay lubhang kaibig-ibig! Kung pahihintulutan Mo akong mabuhay, lalo pa akong magiging handang ibigin Ka. Habang ako ay nabubuhay, iibigin Kita. Nais kong ibigin Ka pa nang higit na malalim. Hinahatulan Mo ako, at kinakastigo at sinusubukan dahil ako ay hindi matuwid, dahil ako ay nagkasala. At ang Iyong matuwid

na disposisyon ay nagiging higit na maliwanag sa akin. Ito ay isang pagpapala sa akin, sapagkat nagagawa kong ibigin Ka nang higit na malalim, at handa akong ibigin Ka sa ganitong paraan kahit na hindi Mo ako iniibig. Handa akong makita ang Iyong matuwid na disposisyon, sapagkat mas nagkakaroon ako ng kakayahan upang isabuhay ang isang makabuluhang buhay. Nararamdaman ko na ang pamumuhay ko ngayon ay higit na may kabuluhan, sapagkat ipinapako ako sa krus para sa Iyong kapakanan, at makabuluhan ang mamatay para sa Iyo. Gayon pa man hindi pa rin ako nakakaramdam ng kasiyahan, sapagkat lubhang kakaunti ang nalalaman ko tungkol sa Iyo, batid ko na hindi ko ganap na matutupad ang Iyong mga nais, at kakaunti lamang ang napagbayaran ko sa Iyo. Sa aking buhay, hindi ko nakayang ibigay ang buong sarili ko sa Iyo. Malayo pa ako roon. Habang lumilingon ako sa sandaling ito, nararamdaman ko ang lubhang pagkakautang ko sa Iyo, at ang sandaling ito lamang ang mayroon ako upang makabawi sa lahat ng pagkakamali ko at lahat ng pag-ibig na hindi ko naibalik sa Iyo."

Hinango mula sa "Ang mga Karanasan ni Pedro: Ang Kanyang Kaalaman sa Pagkastigo at Paghatol" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Talababa:

a. Ang nakasaad sa orihinal na teksto ay "May ilan."

9. Ang mga Prinsipyo ng Pagsasagawa ng Pang-araw-araw na mga Debosyon

(1) Kapag nabubunyag ang tiwaling disposisyon ng isang tao, dapat silang gumawa ng mga debosyon. Dapat silang magmuni-muni sa kanilang sarili at makilala ang kanilang mga sarili batay sa mga salita ng Diyos, at harapin ang pagpapahayag ng kanilang tiwaling disposisyon;

(2) Kinakailangan ng debosyonal na pagmumuni-muni sa sarili na tanggapin ng isang tao ang masusing pagsisiyasat ng Diyos. Sa ganitong paraan lamang mabubuksan ng isang tao ang kanyang buong puso sa Diyos, sa gayon matatamo ang kaliwanagan ng Banal na Espiritu at

matututuhan ang sarili nilang mga paglihis;

(3) Kinakailangang magmuni-muni kung, sa pagsaalang-alang sa mga salita ng Diyos, ang landas na nilalakaran ng isang tao ay ang matuwid na daan, at kung tinutupad ng isang tao ang kaniyang tungkulin nang kalugod-lugod, at kung ilan sa mga sariling motibo at layunin ng isang tao ang nakapagpapasama sa pagtupad na iyon.

(4) Dapat ding siyasatin at suriin ng isang tao ang kanilang mga pagkakamali at paglabag sa patupad ng kanilang tungkulin, pati na ang kanilang progreso at mga natamo. Ang gayong pagsasagawa lamang ang nagbubunga ng progreso sa buhay.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang pananampalataya sa Diyos ay nangangailangan ng isang normal na espirituwal na buhay, na siyang pundasyon sa pagdanas ng mga salita ng Diyos at pagpasok sa realidad. Lahat ba ng inyong kasalukuyang pagsasagawa ng mga panalangin, ng paglapit sa Diyos, ng pagkanta ng mga himno, pagpuri, pagmumuni-muni, at pagninilay ng mga salita ng Diyos ay katumbas ng isang “normal na espirituwal na buhay”? Mukhang walang nakakaalam sa inyo. Ang isang normal na espirituwal na buhay ay hindi limitado sa mga pagsasagawang tulad ng pagdarasal, pagkanta ng mga himno, paglahok sa buhay-iglesia, at pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos. Sa halip, kinapapalooban ito ng pamumuhay ng bago at masiglang espirituwal na buhay. Ang mahalaga ay hindi kung paano kayo nagsasagawa, kundi kung ano ang ibinubunga ng inyong pagsasagawa. Naniniwala ang karamihan sa mga tao na ang isang normal na espirituwal na buhay ay kailangang kapalooban ng pagdarasal, pagkanta ng mga himno, pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos o pagninilay sa Kanyang mga salita, mayroon mang tunay na epekto ang gayong mga pagsasagawa o kaya’y humahantong man ang mga ito sa tunay na pagkaunawa. Nakatuon ang mga taong ito sa pagsunod sa mababaw na mga pamamaraan nang hindi iniisip ang magiging resulta ng mga ito; sila ay mga taong nabubuhay sa mga ritwal ng relihiyon, hindi mga taong nabubuhay sa loob ng iglesia, at lalong hindi sila mga tao ng kaharian.

Lahat ng kanilang panalangin, pagkanta ng mga himno, at pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos ay puro pagsunod sa panuntunan, na ginagawa dahil napipilitan sila at para makaagapay sa mga kalakaran, hindi dahil sa kahandaan at ni hindi mula sa puso. Gaano man manalangin o kumanta ang mga taong ito, hindi magkakaroon ng bunga ang kanilang mga pagsisikap, sapagkat ang isinasagawa nila ay mga panuntunan at ritwal lamang ng relihiyon; hindi talaga sila nagsasagawa ng mga salita ng Diyos. Nagtutuon lamang sila sa pagkabahala kung paano sila nagsasagawa, at itinuturing nilang mga panuntunang susundin ang mga salita ng Diyos. Hindi isinasagawa ng gayong mga tao ang mga salita ng Diyos; pinagbibigyan lamang nila ang laman, at gumagawa sila para makita ng ibang mga tao. Lahat ng panuntunan at ritwal na ito ng relihiyon ay tao ang pinagmulan; hindi nagmumula ang mga ito sa Diyos. Ang Diyos ay hindi sumusunod sa mga panuntunan, ni hindi Siya sakop ng anumang batas. Sa halip, gumagawa Siya ng mga bagong bagay araw-araw, nagsasakatuparan ng praktikal na gawain. Gaya ng mga tao sa Three-Self Church, na nililimitahan ang kanilang sarili sa mga pagsasagawa tulad ng pagdalo sa pagsamba sa umaga araw-araw, pag-aalay ng mga panalangin sa gabi at panalangin ng pasasalamat bago kumain, at pasasalamat sa lahat ng bagay—gaano man karami ang kanilang ginagawa at gaano man katagal nila iyon ginagawa, hindi mapapasakanila ang gawain ng Banal na Espiritu. Kapag nabubuhay ang mga tao sa gitna ng mga panuntunan at nakatutok ang kanilang puso sa mga pamamaraan ng pagsasagawa, hindi makakagawa ang Banal na Espiritu, dahil ang kanilang puso ay puno ng mga panuntunan at pagkaintindi ng tao. Sa gayon, hindi nagagawang mamagitan at gumawa ang Diyos sa kanila, at maaari lamang silang patuloy na mabuhay sa ilalim ng kontrol ng mga batas. Ang gayong mga tao ay walang kakayahang tumanggap ng papuri ng Diyos kailanman.

Hinango mula sa “Hinggil sa Isang Normal na Espirituwal na Buhay” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang normal na espirituwal na buhay ay isang buhay na ipinamuhay sa

harap ng Diyos. Kapag nagdarasal, maaaring patahimikin ng isang tao ang kanyang puso sa harap ng Diyos, at sa pamamagitan ng panalangin, maaari niyang hangarin ang kaliwanagan ng Banal na Espiritu, malaman ang mga salita ng Diyos, at maunawaan ang kalooban ng Diyos. Sa pamamagitan ng pagkain at pag-inom ng Kanyang mga salita, maaaring magkaroon ang mga tao ng mas malinaw at mas lubos na pagkaunawa sa kasalukuyang gawain ng Diyos. Maaari din silang magkaroon ng bagong landas ng pagsasagawa, at hindi sila kakapit sa dati; lahat ng kanilang isinasagawa ay para magkamit ng paglago sa buhay. Tungkol naman sa panalangin, hindi ito tungkol sa pagsambit ng ilang salitang masarap pakinggan o pag-iyak sa harap ng Diyos upang ipakita kung gaano kalaki ang iyong utang na loob; sa halip, ang layunin nito ay upang sanayin ang sarili sa paggamit ng espiritu, na nagtutulot sa kanya na patahimikin ang kanyang puso sa harap ng Diyos, na sanayin ang kanyang sarili na maghangad ng patnubay mula sa mga salita ng Diyos sa lahat ng bagay, para mailapit ang puso niya sa isang sariwa at bagong liwanag bawat araw, at upang hindi siya maging walang-kibo o tamad at makatahak siya sa tamang landas ng pagsasagawa ng mga salita ng Diyos. Karamihan sa mga tao sa panahong ito ay nakatuon sa mga pamamaraan ng pagsasagawa, subalit hindi nila ginagawa iyon para patuloy na sikaping matamo ang katotohanan at magkamit ng paglago sa buhay. Dito na sila naligaw ng landas. Mayroon ding ilan na may kakayahang tumanggap ng bagong liwanag, ngunit hindi nagbabago ang kanilang mga pamamaraan ng pagsasagawa. Tangay nila ang dati nilang mga pagkaintindi sa relihiyon habang umaasa silang tumanggap ng mga salita ng Diyos ngayon, kaya ang tinatanggap nila ay doktrinang may kulay pa rin ng mga pagkaintindi sa relihiyon; hindi lamang liwanag ngayon ang kanilang tinatanggap. Dahil dito, may dungis ang kanilang mga pagsasagawa; dati pa ring mga pagsasagawa ang mga iyon gamit ang bagong pabalat. Gaano man kahusay ang kanilang pagsasagawa, mga mapagpaimbabaw sila. Inaakay ng Diyos ang mga tao sa paggawa ng mga bagong bagay araw-araw, na inuutos na bawat araw ay may bago silang mababatid at mauunawaan, at

hinihiling na huwag silang maging makaluma at paulit-ulit. Kung naniwala ka na sa Diyos sa loob ng maraming taon, subalit hindi man lang nagbago ang iyong mga pamamaraan ng pagsasagawa, at kung masigasig at abala ka pa rin tungkol sa mga bagay na panlabas, subalit wala kang tahimik na pusong maiharap sa Diyos upang matamasa ang Kanyang mga salita, wala kang mapapala. Pagdating sa pagtanggap sa bagong gawain ng Diyos, kung hindi mo iibahin ang iyong pagpaplano, hindi ka nagsasagawa sa isang bagong paraan, at hindi ka naghahangad ng anumang bagong pagkaunawa, kundi sa halip ay kumakapit ka sa dati mong pagkaunawa at tumatanggap lamang ng kaunting limitadong bagong liwanag, nang hindi binabago ang paraan ng iyong pagsasagawa, ang mga taong katulad mo ay kasama sa daloy na ito sa pangalan lamang; ang totoo, sila ay mga relihiyosong Fariseo sa labas ng daloy ng Banal na Espiritu.

Para makapamuhay ng isang normal na espirituwal na buhay, kailangang makatanggap ng bagong liwanag ang isang tao araw-araw at maghangad ng tunay na pagkaunawa sa mga salita ng Diyos. Kailangan niyang makita nang malinaw ang katotohanan, makatagpo ng isang landas ng pagsasagawa sa lahat ng bagay, makatuklas ng mga bagong katanungan sa pamamagitan ng pagbasa sa mga salita ng Diyos araw-araw, at mapagtanto ang kanyang sariling mga kakulangan para magkaroon siya ng isang pusong nananabik at naghahangad na nagpapakilos sa kanyang buong katauhan, at para maging tahimik siya sa harap ng Diyos sa lahat ng oras, na labis na natatakot na maiwanan. Ang isang taong may gayong pusong nananabik at naghahangad, na handang patuloy na makapasok, ay nasa tamang landas ng espirituwal na buhay. Yaong mga inantig ng Banal na Espiritu, na nais na maging mas mahusay, na handang maghangad na magawang perpekto ng Diyos, na nananabik na maunawaan nang mas malalim ang mga salita ng Diyos, na hindi naghahanap ng mahimala kundi sa halip ay tunay na nagsasakripisyo, na tunay na nagmamalasakit sa kalooban ng Diyos, na talagang nakakapasok upang maging mas tunay at totoo ang kanilang mga karanasan, na hindi naghahanap ng hungkag na mga salita at mga doktrina o naghahangad na

madama ang mahimala, na hindi sumasamba sa sinumang kilalang personalidad—ito yaong mga nakapasok sa isang normal na espirituwal na buhay. Lahat ng ginagawa nila ay para magkamit ng higit na paglago sa buhay at mapanariwa at mapasigla ang kanilang espiritu, at lagi silang aktibong nakakapasok. Hindi nila namamalayan, nauunawaan nila ang katotohanan at nakakapasok sila sa realidad.

Hinango mula sa “Hinggil sa Isang Normal na Espirituwal na Buhay” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Wala nang mas mahalagang hakbang sa pagpasok sa mga salita ng Diyos kaysa sa pagpapatahimik sa puso mo sa Kanyang presensya. Isang aral ito na kailangang-kailangang pasukin ng lahat ng tao sa kasalukuyan. Ang mga landas sa pagpasok sa pagpapatahimik sa puso mo sa harap ng Diyos ay ang mga sumusunod:

1. Ilayo mo ang puso mo sa mga bagay na walang kinalaman sa iyo. Pumayapa sa harap ng Diyos, at ituon ang iyong buong pansin sa pagdarasal sa Diyos.

2. Habang payapa ang puso mo sa harap ng Diyos, kainin, inumin, at tamasahin ang mga salita ng Diyos.

3. Pagmunihan at pagbulayan ang pag-ibig ng Diyos at pagnilayan ang gawain ng Diyos sa puso mo.

Una, magsimula sa aspeto ng pagdarasal. Tumutok sa pagdarasal at sa itinakdang mga oras. Gaano ka man kagipit sa oras, o gaano ka man kaabala sa trabaho, o anuman ang dumating sa iyo, manalangin araw-araw nang normal, at kumain at uminom ng mga salita ng Diyos nang normal. Hangga’t kinakain at iniinom mo ang mga salita ng Diyos, anuman ang iyong kapaligiran, masisiyahan nang husto ang iyong espiritu, at hindi ka gagambalain ng mga tao, pangyayari, o bagay sa iyong paligid. Kapag malimit mong binubulay-bulay ang Diyos sa puso mo, hindi ka magagambala ng nangyayari sa labas. Ito ang kahulugan ng pagkakaroon ng tayog. Magsimula sa pagdarasal: Ang pagdarasal nang tahimik sa harap ng Diyos ay napakamabunga. Pagkatapos noon, kainin at inumin

ang mga salita ng Diyos, hanapin ang liwanag sa mga salita ng Diyos sa pamamagitan ng pagninilay sa mga ito, hanapin ang landas ng pagsasagawa, alamin ang layunin ng Diyos sa pagbigkas ng Kanyang mga salita, at unawain ang mga ito nang walang paglihis. Karaniwan, dapat ay normal para sa iyo ang mapalapit sa Diyos sa puso mo, na pagbulayan ang pag-ibig ng Diyos at pagnilayan ang mga salita ng Diyos, nang hindi nagagambala ng mga nangyayari sa labas. Kapag nagkamit na ang puso mo ng kaunting kapayapaan, makakapag-isip-isip ka nang tahimik at, sa iyong kalooban, mapagbubulay-bulayan mo ang pag-ibig ng Diyos at tunay kang mapapalapit sa Kanya, anuman ang iyong kapaligiran, hanggang sa huli ay marating mo ang punto kung saan nag-uumapaw ang papuri sa puso mo, at mas mabuti pa iyan kaysa pagdarasal. Pagkatapos ay magtataglay ka ng isang tiyak na tayog. Kung matatamo mo ang mga kalagayang inilarawan sa itaas, magiging patunay iyan na tunay na payapa ang puso mo sa harap ng Diyos. Ito ang unang mahalagang leksyon. Pagkatapos mapayapa ang mga tao sa harap ng Diyos, saka lamang sila maaantig ng Banal na Espiritu, at maliliwanagan at pagliliwanagin ng Banal na Espiritu, at saka lamang nila tunay na makakaniig ang Diyos, at mauunawaan ang kalooban ng Diyos at ang patnubay ng Banal na Espiritu. Sa gayon ay nakapasok na sila sa tamang landas sa kanilang espirituwal na buhay. Kapag lumalim na nang kaunti ang pagsasanay nilang mabuhay sa harap ng Diyos, at nagagawa nilang talikdan ang kanilang sarili, kasuklaman ang kanilang sarili, at mamuhay ayon sa mga salita ng Diyos, tunay na payapa ang kanilang puso sa harap ng Diyos. Ang magawang kasuklaman ang sarili, isumpa ang sarili, at talikdan ang sarili ang epektong nakamit ng gawain ng Diyos, at hindi ito magagawang mag-isa ng mga tao. Sa gayon, ang pagsasagawa na patahimikin ang puso ng isang tao sa harap ng Diyos ay isang leksyon na dapat pasukin kaagad ng mga tao.

Hinango mula sa “Tungkol sa Pagpapatahimik sa Puso Mo sa Harap ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung nais mong tunay na maging payapa ang puso mo sa harap ng

Diyos, kailangan mong gawin ang gawain ng sadyang pakikipagtulungan. Ibig sabihin, bawat isa sa inyo ay dapat gumugol ng panahon para sa inyong mga debosyon, isang panahon na maisasantabi ninyo ang mga tao, pangyayari, at bagay; panatagin ang inyong puso at patahimikin ang sarili ninyo sa harap ng Diyos. Lahat ay kailangang magkaroon ng indibiduwal na mga tala ng debosyon, na itinatala ang kanilang kaalaman tungkol sa salita ng Diyos at kung paano naaantig ang kanilang espiritu, malalim man ang mga iyon o mababaw; lahat ay kailangang sadyang payapain ang kanilang puso sa harap ng Diyos. Kung makapaglalaan ka ng isa o dalawang oras bawat araw sa tunay na espirituwal na buhay, madarama mo na ang buhay mo sa araw na iyon ay pinagyaman at ang puso mo ay magiging maningning at maaliwalas. Kung ipinamumuhay mo ang ganitong uri ng espirituwal na buhay araw-araw, mas magiging pag-aaring muli ng Diyos ang puso mo, ang iyong espiritu ay lalakas nang lalakas, ang iyong kundisyon ay patuloy na bubuti, mas makakaya mong tumahak sa landas kung saan umaakay ang Banal na Espiritu, at pagkakalooban ka ng Diyos ng mas maraming pagpapala. Ang layunin ng inyong espirituwal na buhay ay upang sadyang matamo ang presensya ng Banal na Espiritu. Hindi ito upang sumunod sa mga patakaran o magsagawa ng mga ritwal na pangrelihiyon, kundi upang tunay na kumilos na kasama ng Diyos, upang tunay na displinahin ang inyong katawan—ito ang dapat gawin ng tao, kaya dapat ninyong gawin ito nang buong pagsisikap. Kapag higit na pakikipagtulungan at higit na pagsisikap ang iyong inilalaan, mas makakabalik ang puso mo sa Diyos at mas mapapatahimik mo ang puso mo sa Kanyang harapan. Darating ang panahon na lubos na matatamo ng Diyos ang puso mo. Walang sinumang makakaimpluwensya o makakabihag sa puso mo, at ganap kang maaangkin ng Diyos. Kung tatahakin mo ang landas na ito, ibubunyag ng salita ng Diyos ang sarili nito sa iyo sa lahat ng pagkakataon at liliwanagan ka tungkol sa lahat ng bagay na hindi mo nauunawaan—makakamtan ang lahat ng ito sa pamamagitan ng iyong pakikipagtulungan. Kaya nga palaging sinasabi ng Diyos, “Lahat ng kumikilos na kasama Ko, gagantimpalaan Ko nang doble.” Kailangan

ninyong makita nang malinaw ang landas na ito. Kung nais ninyong tumahak sa tamang landas, kailangan ninyong gawin ang lahat ng inyong makakaya upang mapalugod ang Diyos. Kailangan ninyong gawin ang lahat ng inyong makakaya upang magtamo ng espirituwal na buhay. Sa simula, maaaring hindi mo makamtan ang magagandang resulta sa pagsisikap na ito, ngunit huwag mong tulutan ang iyong sarili na umurong o malublob sa pagkanegatibo—kailangang manatili kang masipag! Kapag mas espirituwal ang buhay mo, mas sasakupin ng mga salita ng Diyos ang puso mo, lagi kang mababahala sa mga bagay na ito, at lagi mong dadalhin ang pasaning ito. Pagkatapos niyon, ibunyag mo sa Diyos ang katotohanan sa iyong kalooban sa pamamagitan ng iyong espirituwal na buhay; sabihin sa Kanya kung ano ang handa kang gawin, kung ano ang iniisip mo, ang iyong pagkaunawa at pananaw tungkol sa Kanyang salita. Huwag kang magtago ng anuman, ni katiting! Magsanay sa pagsasabi ng mga salitang nasa puso mo at paghahayag ng totoong damdamin mo sa Diyos; kung nasa puso mo iyon, humayo ka at sabihin mo iyon. Kapag mas nagsalita ka sa ganitong paraan, mas madarama mo ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos, at mas mapapalapit sa Diyos ang puso mo. Kapag nangyari ito, madarama mo na mas mahal mo ang Diyos kaysa kaninuman. Lalagi ka sa tabi ng Diyos, anuman ang mangyari. Kung isasagawa mo ang ganitong klaseng espirituwal na debosyonal sa araw-araw at hindi mo ito iwawaglit sa iyong isipan, kundi ituturing itong napakahalaga sa iyong buhay, sasakupin ng salita ng Diyos ang puso mo. Ito ang kahulugan ng maantig ng Banal na Espiritu. Parang ang puso mo ay palaging angkin ng Diyos, para bang palaging nasa puso mo ang iyong minamahal. Walang sinumang makakaagaw nito mula sa iyo. Kapag nangyari ito, tunay na mananahan ang Diyos sa iyong kalooban at magkakaroon ng puwang sa puso mo.

Hinango mula sa “Ang Normal na Espirituwal na Buhay ay Inaakay ang mga Tao Patungo sa Tamang Landas” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kapag kumakain at umiinom ka ng mga salita ng Diyos, kailangan

mong sukatin ang realidad ng sarili mong kalagayan kumpara sa mga ito. Ibig sabihin, kapag natuklasan mo ang iyong mga pagkukulang habang dumaranas ng totoo mong realidad, kailangang makaya mong makakita ng isang landas ng pagsasagawa, na talikuran ang iyong mga maling motibo at pagkaunawa. Kung lagi kang nagsisikap para sa mga bagay na ito at buong pusong nagsisikap tungo sa pagkakamit ng mga ito, magkakaroon ka ng landas na susundan, hindi ka makararamdam ng kahungkagan, at sa gayo'y magagawa mong manatili sa isang normal na kalagayan. Saka ka lamang magiging isang tao na nagdadala ng pasanin sa sarili mong buhay, na may pananampalataya. Bakit kaya hindi magawa ng ilang tao, matapos basahin ang mga salita ng Diyos, na isagawa ang mga ito? Hindi ba dahil hindi nila natatarok ang pinakamahahalagang bagay? Hindi ba dahil hindi sila seryoso sa buhay? Kaya hindi nila natatarok ang mahahalagang bagay at wala silang landas sa pagsasagawa ay dahil kapag binabasa nila ang mga salita ng Diyos, hindi nila maiugnay ang sarili nilang mga kalagayan sa mga ito, ni nasusupil ang sarili nilang mga kalagayan. Sinasabi ng ilang tao: "Binabasa ko ang mga salita ng Diyos at iniuugnay ang aking kalagayan sa mga ito, at alam ko na ako ay tiwali at kulang sa kakayahan, nguni't hindi ko kayang bigyang-kasiyahan ang kalooban ng Diyos." Panlabas pa lang ang nakita mo; maraming totoong bagay na hindi mo alam: paano isantabi ang mga kasiyahan ng laman, paano isantabi ang pagmamagaling, paano baguhin ang iyong sarili, paano pumasok sa mga bagay na ito, paano dagdagan ang iyong kakayahan, at saang aspeto magsisimula. Natatarok mo lang ang ilang bagay sa panlabas, at ang alam mo lang ay na talagang napakatiwali mo. Kapag nakikipagkita ka sa iyong mga kapatid, nagsasalita ka tungkol sa kung gaano ka katiwali, at mukhang kilala mo ang sarili mo at mabigat ang pasaning dinadala mo sa buhay. Sa katunayan, hindi nagbago ang iyong tiwaling disposisyon, na nagpapatunay na hindi mo pa natatagpuan ang landas sa pagsasagawa.

Hinango mula sa "Pagsasagawa (7)" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa iyong pang-araw-araw na buhay, kailangan mong maunawaan

kung alin ang mga salitang sasabihin mo at ang mga bagay na maaaring magsanhi ng abnormalidad sa iyong kaugnayan sa Diyos, at pagkatapos ay ituwid ang iyong sarili at pumasok sa tamang paraan. Sa lahat ng pagkakataon, suriin ang iyong mga salita, ang iyong mga kilos, ang iyong bawat hakbang, at lahat ng iyong saloobin at ideya. Magtamo ng wastong pagkaunawa tungkol sa iyong tunay na kalagayan at pumasok sa landas ng gawain ng Banal na Espiritu. Ito lamang ang paraan para magkaroon ng normal na kaugnayan sa Diyos. Sa pagsusuri kung normal ang iyong kaugnayan sa Diyos, magagawa mong itama ang iyong mga layunin, maunawaan ang kalikasang diwa ng tao, at tunay na maunawaan ang iyong sarili, at, sa paggawa nito, magagawa mong makapasok sa mga tunay na karanasan, talikdan ang iyong sarili sa isang tunay na paraan, at sadyaing magpasakop. Habang dinaranas mo ang mga bagay na ito tungkol sa kung ang iyong kaugnayan sa Diyos ay normal o hindi, makakahanap ka ng mga pagkakataong magawang perpekto ng Diyos at magagawa mong maunawaan ang maraming kalagayan ng Banal na Espiritu. Magagawa mo ring makita ang marami sa mga panloloko ni Satanas at matalos ang mga pakikipagsabwatan nito. Ang landas na ito lamang ang humahantong sa pagpeperpekto ng Diyos. Itama mo ang iyong kaugnayan sa Diyos, upang makapagpasakop ka nang lubusan sa Kanyang mga plano, at makapasok ka nang mas malalim sa tunay na karanasan at makatanggap ng mas marami pang gawain ng Banal na Espiritu.

Hinango mula sa “Kumusta ang Kaugnayan Mo sa Diyos?” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kapag naipamamalas ng mga tao ang isang tiwaling disposisyon; kapag nagpapakasasa sila sa mga pagnanasa ng laman at napapalayo sa Diyos; o kapag gumagawa ang Diyos sa paraang hindi tugma sa sarili nilang mga ideya, at umuusbong ang mga reklamo sa kalooban nila, dapat nilang ipamalay kaagad sa kanilang mga sarili na isa itong problema, at isang tiwaling disposisyon; ito ay paghihimagsik laban sa Diyos,

pagsalungat sa Diyos; hindi ito umaayon sa katotohanan, at kasumpa-sumpa sa Diyos. Kapag napagtatanto ng mga tao ang mga bagay na ito, hindi sila dapat magreklamo, o maging negatibo at batugan, at lalong hindi sila dapat mabalisa; sa halip, dapat ay makaya nila ang mas malalim na pagninilay sa sarili at kaalaman sa sarili. Bilang karagdagan, dapat ay maging maagap silang makaharap sa Diyos, at kailangan hindi pasibo. Dapat ay magkusa silang humarap sa Diyos upang hangarin at tanggapin ang pagsaway at pagdidisiplina ng Diyos, at dapat baligtarin kaagad ang kanilang kalagayan, sa gayon ay nakapagsasagawa sila ayon sa katotohanan at sa mga salita ng Diyos, at makakikilos ayon sa mga prinsipyo. Sa ganitong paraan, magiging mas normal ang ugnayan mo sa Diyos, at gayundin ang kalagayan sa kalooban mo. Mas malinaw mong matutukoy ang mga tiwaling disposisyon, ang diwa ng katiwalian, at ang iba't ibang pangit na kalagayan ni Satanas. Hindi mo na bibigkasin ang gayong mga kahangalan at isip-batang salita tulad ng "si Satanas iyon na nanghihimasok sa akin," o "isa iyong ideya na ibinigay sa akin ni Satanas." Sa halip, magkakaroon ka ng tumpak na kaalaman sa mga tiwaling disposisyon, sa diwa ng pagsalungat ng mga tao sa Diyos, at sa diwa ni Satanas. Magkakaroon ka ng mas tumpak na paraan ng pagtrato sa mga bagay na ito, at hindi ka pipigilan ng mga bagay na ito. Kapag naipakita mo ang kaunti sa iyong tiwaling disposisyon, o lumabag, o nagawa ang iyong tungkulin nang walang sigasig, o kung malimit mong matagpuan ang iyong sarili sa isang pasibo at negatibong kalagayan, hindi ka magiging mahina o mawawalan ng pananampalataya sa Diyos at sa Kaniyang pagliligtas. Hindi ka mamumuhay sa gitna ng gayong mga sitwasyon, subalit haharapin mo nang tama ang iyong sariling tiwaling disposisyon. Magkakaroon ka ng kakayahan para sa normal na espirituwal na buhay, at, kapag nabunyag ang iyong tiwaling disposisyon, magagawa mo agad na saliwain ang patutunguhan nito, mabuhay kaagad sa harap ng Diyos, at hangarin ang Kaniyang pagdidisiplina at pagsaway. Hindi ka pamamahalaan ng iyong tiwaling disposisyon, ni ng diwa ni Satanas, ng iyong iba't ibang negatibo at pasibong kalagayan, ngunit lalago ang

pananampalataya sa paghahangad sa katotohanan, sa kaligtasan, at sa pagtanggap sa paghatol, pagkastigo, pagdidisiplina, at pagsaway ng Diyos. Sa ganitong paraan, hindi ba malayang mamumuhay ang mga tao? Ito ang landas ng pagsasagawa at pagkamit ng katotohanan, at kaya naman, ito rin ang landas ng kaligtasan. Nag-ugat na sa kailaliman ng kalooban ng mga tao ang mga tiwaling disposisyon; pinamamahalaan ng diwa at kalikasan ni Satanas ang kanilang mga saloobin, pag-uugali, at pag-iisip; gayunman, sa presensiya ng katotohanan, ng gawain ng Diyos, at Kanyang pagliligtas, walang pagkabahala rito, at hindi ito nagbibigay ng mga paghihirap.

Hinango mula sa "Paano Lulutasin ang Suliranin ng Pagiging Pabaya at Kawalang ng Sigla Habang Gumaganap sa Iyong Tungkulin" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Lubhang masigasig ang ilang tao sa kanilang pagsisikap subalit nabibigong tumahak sa tamang landas. Ito ay dahil labis silang pabaya at hindi nila pinapansin ang mga espirituwal na bagay. Wala silang ideya kung paano maranasan ang mga salita ng Diyos, at hindi nila alam kung ano ang gawain at presensya ng Banal na Espiritu. Ang gayong mga tao ay masigasig ngunit hangal; hindi sila naghahangad ng buhay. Iyon ay dahil wala ka ni katiting na kaalaman tungkol sa Espiritu, wala kang alam hinggil sa pag-unlad sa kasalukuyang gawain ng Banal na Espiritu, at wala kang alam hinggil sa kalagayan sa loob ng iyong sariling espiritu. Hindi ba kauri ng pananampalataya ng isang hangal ang pananampalataya ng gayong mga tao? Ang pagsisikap ng gayong mga tao ay walang ibinubunga sa huli. Ang susi sa paglago sa buhay sa pananampalataya sa Diyos ng isang tao ay ang pagkaalam kung anong gawain ang ginagawa ng Diyos sa iyong karanasan, pagkakita sa pagiging kaibig-ibig ng Diyos, at pag-unawa sa kalooban ng Diyos, nang sa gayon ay umayon ka sa lahat ng pagsasaayos ng Diyos, mahubog ka ng mga salita ng Diyos upang ang mga ito ay maging buhay mo, at sa gayon ay masiyahan ang Diyos. Kung ang iyong pananampalataya ay isang hangal na pananampalataya, kung hindi ka nakikinig sa mga espirituwal na bagay at sa mga pagbabago sa

iyong disposisyon sa buhay, kung hindi ka nagsusumikap na matamo ang katotohanan, mauunawaan mo ba ang kalooban ng Diyos? Kung hindi mo nauunawaan kung ano ang hinihingi ng Diyos, wala kang magiging kakayahang dumanas, at sa gayon ay hindi ka magkakaroon ng paraan ng pagsasagawa. Ang dapat mong bigyang-pansin habang nararanasan mo ang mga salita ng Diyos ay ang epektong ibinubunga ng mga ito sa iyo, nang sa gayon ay makilala mo ang Diyos mula sa Kanyang mga salita. Kung marunong ka lang magbasa ng mga salita ng Diyos, subalit hindi mo alam kung paano maranasan ang mga ito, hindi ba ipinapakita nito na wala kang alam tungkol sa mga espirituwal na bagay? Ngayon mismo, karamihan sa mga tao ay walang kakayahang maranasan ang mga salita ng Diyos, at sa gayon ay hindi nila nalalaman ang gawain ng Diyos. Hindi ba sila bigo sa kanilang pagsasagawa? Kung magpapatuloy sila nang ganito, kailan nila makakayang maranasan ang mga bagay sa kanilang mayamang kapuspusan at makamit ang paglago sa kanilang buhay? Hindi ba ito katumbas lamang ng hungkag na pananalita? Marami sa inyo ang nakatuon sa teorya, na walang nalalaman hinggil sa mga espirituwal na bagay, gayunman ay nagnanais pa ring magkaroon ng malaking silbi sa Diyos at mapagpala ng Diyos. Lubos na di-makatotohanan ito! Kaya, dapat na ninyong wakasan ang kabiguang ito, nang sa gayon ay makapasok kayong lahat sa tamang landas sa inyong mga espirituwal na buhay, magkaroon kayo ng mga tunay na karanasan, at tunay na makapasok sa realidad ng mga salita ng Diyos.

Hinango mula sa “Paano Pumasok sa Normal na Kalagayan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

10. Ang mga Prinsipyo ng Pananahimik sa Harapan ng Diyos

(1) Dapat kumain at uminom ng mga salita ng Diyos ang isang tao araw-araw. Dapat ding manalangin sa Diyos ang isang tao, bulay-bulayin ang Kanyang mga salita at subukang unawain ang Kanyang kalooban, upang madaling makapanahimik ang kanilang puso sa harapan Niya;

(2) Matutuhang hanapin ang katotohanan sa lahat ng bagay. Matuto ng matalas na pag-unawa, at makakilos nang tumpak ayon sa mga salita ng Diyos. Sa gayon makatitiyak ang isang tao na, sa lahat ng bagay, namumuhay siya sa harapan ng Diyos;

(3) Dapat magmuni-muni sa sarili ang isang tao bawat araw, at kung nabubunyag ang katiwalian ng isang tao o tinatabasan at hinaharap ang isang tao, dapat nilang hangaring gamitin ang katotohanan upang lutasin ang problema sa batayan ng mga salita ng Diyos;

(4) Kapag walang ginagawa ang isang tao, dapat siyang matutong umawit ng mga himno ng papuri sa Diyos nang sa gayon maantig ang kanyang puso at maiisip niya ang pagmamahal ng Diyos. Likas na sasakanila ang Diyos.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Tungkol sa Pagpapatahimik sa Puso Mo sa Harap ng Diyos

(Isang Piniling Kabanata ng Salita ng Diyos)

Wala nang mas mahalagang hakbang sa pagpasok sa mga salita ng Diyos kaysa sa pagpapatahimik sa puso mo sa Kanyang presensya. Isang aral ito na kailangang-kailangang pasukin ng lahat ng tao sa kasalukuyan. Ang mga landas sa pagpasok sa pagpapatahimik sa puso mo sa harap ng Diyos ay ang mga sumusunod:

1. Ilayo mo ang puso mo sa mga bagay na walang kinalaman sa iyo. Pumayapa sa harap ng Diyos, at ituon ang iyong buong pansin sa pagdarasal sa Diyos.

2. Habang payapa ang puso mo sa harap ng Diyos, kainin, inumin, at tamasahin ang mga salita ng Diyos.

3. Pagmunihan at pagbulayan ang pag-ibig ng Diyos at pagnilayan ang gawain ng Diyos sa puso mo.

Una, magsimula sa aspeto ng pagdarasal. Tumutok sa pagdarasal at sa itinakdang mga oras. Gaano ka man kagipit sa oras, o gaano ka man kaabala sa trabaho, o anuman ang dumating sa iyo, manalangin araw-araw nang normal, at kumain at uminom ng mga salita ng Diyos nang normal. Hangga’t kinakain at iniinom mo ang mga salita ng Diyos, anuman ang

iyong kapaligiran, masisiyahan nang husto ang iyong espiritu, at hindi ka gagambalain ng mga tao, pangyayari, o bagay sa iyong paligid. Kapag malimit mong binubulay-bulay ang Diyos sa puso mo, hindi ka magagambala ng nangyayari sa labas. Ito ang kahulugan ng pagkakaroon ng tayog. Magsimula sa pagdarasal: Ang pagdarasal nang tahimik sa harap ng Diyos ay napakamabunga. Pagkatapos noon, kainin at inumin ang mga salita ng Diyos, hanapin ang liwanag sa mga salita ng Diyos sa pamamagitan ng pagninilay sa mga ito, hanapin ang landas ng pagsasagawa, alamin ang layunin ng Diyos sa pagbigkas ng Kanyang mga salita, at unawain ang mga ito nang walang paglihis. Karaniwan, dapat ay normal para sa iyo ang mapalapit sa Diyos sa puso mo, na pagbulayan ang pag-ibig ng Diyos at pagnilayan ang mga salita ng Diyos, nang hindi nagagambala ng mga nangyayari sa labas. Kapag nagkamit na ang puso mo ng kaunting kapayapaan, makakapag-isip-isip ka nang tahimik at, sa iyong kalooban, mapagbubulay-bulayan mo ang pag-ibig ng Diyos at tunay kang mapapalapit sa Kanya, anuman ang iyong kapaligiran, hanggang sa huli ay marating mo ang punto kung saan nag-uumapaw ang papuri sa puso mo, at mas mabuti pa iyan kaysa pagdarasal. Pagkatapos ay magtataglay ka ng isang tiyak na tayog. Kung matatamo mo ang mga kalagayang inilarawan sa itaas, magiging patunay iyan na tunay na payapa ang puso mo sa harap ng Diyos. Ito ang unang mahalagang leksyon. Pagkatapos mapayapa ang mga tao sa harap ng Diyos, saka lamang sila maaantig ng Banal na Espiritu, at maliliwanagan at pagliliwanagin ng Banal na Espiritu, at saka lamang nila tunay na makakaniig ang Diyos, at mauunawaan ang kalooban ng Diyos at ang patnubay ng Banal na Espiritu. Sa gayon ay nakapasok na sila sa tamang landas sa kanilang espirituwal na buhay. Kapag lumalim na nang kaunti ang pagsasanay nilang mabuhay sa harap ng Diyos, at nagagawa nilang talikdan ang kanilang sarili, kasuklaman ang kanilang sarili, at mamuhay ayon sa mga salita ng Diyos, tunay na payapa ang kanilang puso sa harap ng Diyos. Ang magawang kasuklaman ang sarili, isumpa ang sarili, at talikdan ang sarili ang epektong nakamit ng gawain ng Diyos, at hindi ito magagawang mag-isa ng mga tao.

Sa gayon, ang pagsasagawa na patahimikin ang puso ng isang tao sa harap ng Diyos ay isang leksyon na dapat pasukin kaagad ng mga tao. Para sa ilang tao, karaniwan ay hindi lamang sila hindi mapayapa sa harap ng Diyos, kundi hindi pa nila mapatahimik ang kanilang puso sa harap ng Diyos kahit habang nagdarasal. Kulang na kulang ito sa mga pamantayan ng Diyos! Kung hindi mapayapa ang puso mo sa harap ng Diyos, maaantig ka ba ng Banal na Espiritu? Kung hindi ka mapayapa sa harap ng Diyos, malamang na magambala ka kapag may dumaan, o kapag nag-uusap ang iba, at maaaring mapalayo ang isipan mo kapag may ginagawa ang iba, kaya hindi ka nabubuhay sa presensya ng Diyos. Kung talagang payapa ang puso mo sa harap ng Diyos, hindi ka magagambala ng anumang nangyayari sa mundo sa labas, o maaabala ng sinumang tao, pangyayari, o bagay. Kung may pagpasok ka rito, ang mga negatibong kalagayang iyon at lahat ng negatibong bagay—mga pagkaintindi ng tao, pilosopiya para sa pamumuhay, abnormal na ugnayan sa mga tao, at mga ideya at kaisipan, at iba pa—ay natural na maglalaho. Dahil palagi mong pinagninilayan ang mga salita ng Diyos, at palagi mong inilalapit ang puso mo sa Diyos at lagi kang abala sa kasalukuyang mga salita ng Diyos, ang mga negatibong bagay na iyon ay mawawala sa iyo nang hindi mo namamalayan. Kapag abala ka sa mga bago at positibong bagay, mawawalan ng puwang ang mga negatibo at lumang bagay, kaya huwag mong pansinin ang mga negatibong bagay na iyon. Hindi mo kailangang sikaping pigilan ang mga ito. Dapat kang magtuon sa pagiging payapa sa harap ng Diyos, kumain, uminom, at tamasahin ang mga salita ng Diyos hangga’t kaya mo, umawit ng mga himno ng papuri sa Diyos hangga’t kaya mo, at bigyan ng pagkakataon ang Diyos na gawaan ka, dahil gusto ng Diyos ngayon na personal na gawing perpekto ang sangkatauhan, at gusto Niyang matamo ang puso mo; inaantig ng Kanyang Espiritu ang puso mo at kung, sa pagsunod sa patnubay ng Banal na Espiritu, nabubuhay ka sa presensya ng Diyos, mapapalugod mo ang Diyos. Kung papansinin mo ang pamumuhay ayon sa mga salita ng Diyos at higit kang makikibahagi tungkol sa katotohanan upang magtamo ng kaliwanagan at pagpapalinaw

ng Banal na Espiritu, maglalahong lahat yaong mga relihiyosong pagkaintindi at ang iyong pagmamagaling at pagpapahalaga sa sarili, at malalaman mo kung paano gugulin ang sarili mo para sa Diyos, paano mahalin ang Diyos, at paano palugurin ang Diyos. At hindi mo mamamalayan, yaong mga bagay na walang kinalaman sa Diyos ay lubusang mapaparam mula sa iyong kamalayan.

Ang pagninilay at pagdarasal tungkol sa mga salita ng Diyos habang kumakain at umiinom ng Kanyang kasalukuyang mga salita ang unang hakbang sa pagiging payapa sa harap ng Diyos. Kung kaya mong tunay na mapayapa sa harap ng Diyos, sasamahan ka ng kaliwanagan at pagpapalinaw ng Banal na Espiritu. Lahat ng espirituwal na buhay ay nakakamtan sa pamamagitan ng pagiging payapa sa presensya ng Diyos. Sa pagdarasal, kailangan mong maging payapa sa harap ng Diyos, at saka ka lamang maaantig ng Banal na Espiritu. Kapag payapa ka sa harap ng Diyos kapag ikaw ay kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, maaari kang liwanagan at paliwanagin, at magkakaroon ka ng tunay na pagkaunawa sa mga salita ng Diyos. Sa iyong karaniwang mga pagmumuni-muni at pakikibahagi at paglapit sa Diyos sa puso mo, kapag napayapa ka sa presensya ng Diyos, matatamasa mo ang tunay na pagiging malapit sa Diyos, magkakaroon ka ng tunay na pagkaunawa sa pag-ibig ng Diyos at sa Kanyang gawain, at magpapakita ka ng tunay na pagkamaalalahanin at malasakit sa mga layon ng Diyos. Habang mas karaniwan kang napapayapa sa harap ng Diyos, mas paliliwanagin ka at mas mauunawaan mo ang iyong sariling tiwaling disposisyon, kung ano ang kulang sa iyo, kung ano ang dapat mong pasukin, kung saang katungkulan ka dapat maglingkod, at kung nasaan ang mga depekto mo. Lahat ng ito ay natatamo sa pagiging payapa sa presensya ng Diyos. Kung tunay mong napapalalim ang iyong kapayapaan sa harap ng Diyos, mauunawaan mo ang ilang hiwaga ng espiritu, mauunawaan kung ano ang gusto ng Diyos na isagawa sa iyo sa kasalukuyan, mauunawaan nang mas malalim ang mga salita ng Diyos, mauunawaan ang diwa ng mga salita ng Diyos, ang yaman ng mga salita ng Diyos, ang kabuuan ng mga salita ng

Diyos, at makikita mo ang landas ng pagsasagawa nang mas malinaw at tumpak. Kung bigo kang magkamit ng sapat na lalim sa pagiging payapa sa iyong espiritu, maaantig ka lamang nang kaunti ng Banal na Espiritu; madarama mo na lumakas ang loob mo at makadarama ka ng kaunting kasiyahan at kapayapaan, ngunit hindi higit na lalalim ang pagkaunawa mo sa anumang bagay. Nasabi Ko na noon: Kung hindi gagamitin ng mga tao ang buong lakas nila, mahihirapan silang marinig ang Aking tinig o makita ang Aking mukha. Tumutukoy ito sa pagkakaroon ng malalim na kapayapaan sa harap ng Diyos, at hindi sa paimbabaw na mga pagsisikap. Ang isang tao na talagang kayang pumayapa sa presensya ng Diyos ay nagagawang palayain ang kanilang sarili mula sa lahat ng makamundong ugnayan, at maangkin ng Diyos. Lahat ng walang kakayahang pumayapa sa presensya ng Diyos ay tiyak na buktot at hindi masawata. Lahat ng may kakayahang pumayapa sa harap ng Diyos ay yaong mga banal sa harap ng Diyos, at nasasabik sa Diyos. Yaon lamang mga payapa sa harap ng Diyos ang nagpapahalaga sa buhay, nagpapahalaga sa pakikisama sa espiritu, nauuhaw sa mga salita ng Diyos, at naghahangad na matamo ang katotohanan. Sinumang hindi nagpapahalaga sa pagiging payapa sa harap ng Diyos at hindi isinasagawang pumayapa sa harap ng Diyos ay hambog at mapagpaimbabaw, nakakapit sa mundo at walang buhay; kahit sabihin pa nila na naniniwala sila sa Diyos, sabi lang nila iyon. Yaong mga pinerpekto ng Diyos sa huli at ginagawang ganap ay mga taong kayang pumayapa sa Kanyang presensya. Samakatuwid, yaong mga payapa sa harap ng Diyos ay binibiyayaan ng mga dakilang pagpapala. Ang mga taong bihirang gumugugol ng oras na kumain at uminom ng mga salita ng Diyos sa buong maghapon, na abalang-abala sa mga bagay na walang kinalaman sa kanila at kakatiting ang pagpapahalaga sa pagpasok sa buhay—mapagkunwari silang lahat na walang pag-asang lumago sa hinaharap. Yaong mga kayang pumayapa sa harap ng Diyos at tunay na makipagniig sa Diyos ang mga tao ng Diyos.

Para makaharap sa Diyos upang tanggapin ang Kanyang mga salita bilang buhay mo, kailangan mo munang mapayapa sa harap ng Diyos.

Kapag payapa ka sa harap ng Diyos, saka ka lamang liliwanagan at bibigyan ng kaalaman ng Diyos. Kapag mas payapa ang mga tao sa harap ng Diyos, mas nagagawa nilang tumanggap ng kaliwanagan at pagpapalinaw ng Diyos. Kinakailangan ng mga tao na magkaroon ng kabanalan at pananampalataya sa lahat ng ito; sa gayong paraan lamang sila mapeperpekto. Ang pangunahing leksyon sa pagpasok sa espirituwal na buhay ay ang mapayapa sa presensya ng Diyos. Kung payapa ka sa presensya ng Diyos, saka lamang magiging epektibo ang lahat ng iyong espirituwal na pagsasanay. Kung hindi kaya ng puso mo na pumayapa sa harap ng Diyos, hindi mo matatanggap ang gawain ng Banal na Espiritu. Kung payapa ang puso mo sa harap ng Diyos anuman ang ginagawa mo, isa kang taong nabubuhay sa presensya ng Diyos. Kung payapa ang puso mo sa harap ng Diyos at napapalapit sa Diyos anuman ang ginagawa mo, patunay ito na isa kang taong payapa sa harap ng Diyos. Kung nasasabi mo, habang nakikipag-usap ka sa iba, o naglalakad, na “Ang puso ko ay napapalapit sa Diyos, at hindi nakatuon sa mga bagay na nangyayari sa labas, at kaya kong pumayapa sa harap ng Diyos,” isa kang taong payapa sa harap ng Diyos. Huwag kang makisali sa anumang bagay na umaakit sa puso mo sa mga bagay na walang kinalaman sa iyo, o sa mga taong inilalayo ang puso mo sa Diyos. Anuman ang makakagambala sa puso mo mula sa pagiging malapit sa Diyos, isantabi ito, o layuan ito. Mas malaki ang pakinabang nito sa buhay mo. Ngayon mismo ang panahon para sa dakilang gawain ng Banal na Espiritu, ang panahon kung kailan personal na ginagawang perpekto ng Diyos ang mga tao. Kung, sa sandaling ito, hindi ka maaaring pumayapa sa harap ng Diyos, hindi ka isang tao na babalik sa harap ng luklukan ng Diyos. Kung naghahangad ka ng mga bagay maliban sa Diyos, walang paraan para maperpekto ka ng Diyos. Yaong mga nakakarinig sa gayong mga pagbigkas mula sa Diyos subalit hindi mapayapa sa Kanyang harapan ngayon ay mga taong hindi nagmamahal sa katotohanan at hindi nagmamahal sa Diyos. Kung hindi mo ihahandog ang iyong sarili sa sandaling ito, ano pa ang hinihintay mo? Ang ihandog ang sarili ay ang patahimikin ang puso ng isang tao sa harap

ng Diyos. Iyan ang tunay na paghahandog. Sinumang tunay na naghahandog ng kanilang puso sa Diyos ngayon ay tiyak na gagawing ganap ng Diyos. Walang anuman, anuman ito, na maaaring gumambala sa iyo; para tabasan ka man o pakitunguhan ka, o masiphayo ka man o mabigo, dapat ay palaging payapa ang puso mo sa harap ng Diyos. Paano ka man tratuhin ng mga tao, dapat pumayapa ang puso mo sa harap ng Diyos. Anuman ang sitwasyong kinakaharap mo—nahihirapan ka man, nagdurusa, inuusig, o iba pang mga pagsubok—dapat ay laging payapa ang puso mo sa harap ng Diyos; gayon ang mga landas para maperpekto. Kapag tunay kang payapa sa harap ng Diyos, saka lamang magiging malinaw sa iyo ang kasalukuyang mga salita ng Diyos. Sa gayon ay maisasagawa mo nang mas tama at walang paglihis ang pagpapalinaw at kaliwanagan ng Banal na Espiritu, mauunawaan nang mas malinaw ang mga layon ng Diyos na magbibigay ng mas malinaw na direksyon sa iyong paglilingkod, mauunawaan nang mas tumpak ang pagkilos at patnubay ng Banal na Espiritu, at matitiyak na mabuhay sa ilalim ng patnubay ng Banal na Espiritu. Gayon ang mga epektong nakakamit ng tunay na pagiging payapa sa harap ng Diyos. Kapag ang mga tao ay hindi malinaw tungkol sa mga salita ng Diyos, walang landas para magsagawa, bigong maunawaan ang mga layon ng Diyos, o walang mga prinsipyo ng pagsasagawa, ito ay dahil hindi payapa ang kanilang puso sa harap ng Diyos. Ang layunin ng pagiging payapa sa harap ng Diyos ay upang maging masugid at praktikal, at maghangad ng kawastuhan at kalinawan sa mga salita ng Diyos, at sa huli ay maunawaan ang katotohanan at makilala ang Diyos.

Kung ang puso mo ay hindi madalas na payapa sa harap ng Diyos, walang paraan ang Diyos para magawa kang perpekto. Ang kawalan ng paninindigan ay kawalan ng puso, at ang isang taong walang puso ay hindi maaaring mapayapa sa harap ng Diyos; hindi alam ng gayong tao kung gaano karaming gawain ang ginagawa ng Diyos, o gaano karami ang Kanyang sinasabi, ni hindi nila alam kung paano magsagawa. Hindi ba walang puso ang taong ito? Maaari bang pumayapa ang isang taong walang puso sa harap ng Diyos? Walang paraan ang Diyos na magawang

perpekto ang mga taong walang puso—hindi sila naiiba sa mga hayop na may pasan. Nagsalita na ang Diyos nang malinaw at deretsahan, subalit hindi pa rin naaantig ang puso mo, at hindi ka pa rin mapayapa sa harap ng Diyos. Hindi ka ba isang mangmang na hayop? Ang ilang tao ay naliligaw sa pagsasagawa na mapayapa sa presensya ng Diyos. Kapag oras na para magluto, hindi sila nagluluto, at kapag oras na para gumawa ng mga gawain, hindi nila ginagawa ang mga iyon, kundi patuloy lamang silang nagdarasal at nagmumuni-muni. Ang mapayapa sa harap ng Diyos ay hindi nangangahulugan na huwag magluto o gumawa ng mga gawain, o huwag magpatuloy sa buhay; sa halip, ito ay ang magawang patahimikin ang puso ng isang tao sa harap ng Diyos sa lahat ng normal na kalagayan, at magkaroon ng puwang sa puso ng isang tao para sa Diyos. Kapag nagdarasal ka, dapat kang lumuhod nang maayos sa harap ng Diyos para magdasal; kung gumagawa ka ng mga gawain o naghahanda ng pagkain, patahimikin ang puso mo sa harap ng Diyos, pagnilayan ang mga salita ng Diyos, o umawit ng mga himno. Anuman ang sitwasyon mo, dapat kang magkaroon ng sarili mong paraan sa pagsasagawa, dapat mong gawin ang lahat ng kaya mo para mapalapit sa Diyos, at dapat mong sikapin nang buo mong lakas na patahimikin ang puso mo sa harap ng Diyos. Kapag itinutulot ng sitwasyon, magdasal nang walang ibang ginagawa; kapag hindi itinutulot ng sitwasyon, lumapit sa Diyos sa puso mo habang ginagawa mo ang gawaing kailangang gawin. Kapag maaari mong kainin at inumin ang mga salita ng Diyos, kainin at inumin ang Kanyang mga salita; kapag makapagdarasal ka, magdasal ka; kung maaari mong pagbulay-bulayan ang Diyos, pagbulay-bulayan Siya. Sa madaling salita, gawin ang lahat ng iyong magagawa para sanayin ang sarili mo sa pagpasok ayon sa iyong kapaligiran. Maaaring mapayapa ang ilang tao sa harap ng Diyos kapag walang problema, ngunit sa sandaling may mangyari, gumagala ang isipan nila. Hindi iyon pagiging payapa sa harap ng Diyos. Ang tamang paraan ng pagdanas ay ganito: Anuman ang sitwasyon, hindi dapat lumayo sa Diyos ang puso ng isang tao, o magambala ng mga tao, mga pangyayari, o mga bagay sa labas, at saka

lamang tunay na payapa ang isang tao sa harap ng Diyos. Sinasabi ng ilang tao na, kapag nagdarasal sila sa mga pagpupulong, maaaring mapayapa ang kanilang puso sa harap ng Diyos, ngunit sa pakikibahagi sa iba hindi nila kayang pumayapa sa harap ng Diyos, at gumagala ang isipan nila. Hindi ito pagiging payapa sa harap ng Diyos. Ngayon, karamihan sa mga tao ay ganito ang kalagayan, hindi kaya ng puso nila na palaging maging payapa sa harap ng Diyos. Sa gayon, kailangan ninyong dagdagan pa ang inyong pagsisikap sa pagsasanay sa inyong sarili sa aspetong ito, pumasok, nang paunti-unti, sa tamang landasin ng karanasan sa buhay, at magsimulang tumahak sa landas ng pagpeperpekto ng Diyos.

mula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung nais mong tunay na maging payapa ang puso mo sa harap ng Diyos, kailangan mong gawin ang gawain ng sadyang pakikipagtulungan. Ibig sabihin, bawat isa sa inyo ay dapat gumugol ng panahon para sa inyong mga debosyon, isang panahon na maisasantabi ninyo ang mga tao, pangyayari, at bagay; panatagin ang inyong puso at patahimikin ang sarili ninyo sa harap ng Diyos. Lahat ay kailangang magkaroon ng indibiduwal na mga tala ng debosyon, na itinatala ang kanilang kaalaman tungkol sa salita ng Diyos at kung paano naaantig ang kanilang espiritu, malalim man ang mga iyon o mababaw; lahat ay kailangang sadyang payapain ang kanilang puso sa harap ng Diyos. Kung makapaglalaan ka ng isa o dalawang oras bawat araw sa tunay na espirituwal na buhay, madarama mo na ang buhay mo sa araw na iyon ay pinagyaman at ang puso mo ay magiging maningning at maaliwalas. Kung ipinamumuhay mo ang ganitong uri ng espirituwal na buhay araw-araw, mas magiging pag-aaring muli ng Diyos ang puso mo, ang iyong espiritu ay lalakas nang lalakas, ang iyong kundisyon ay patuloy na bubuti, mas makakaya mong tumahak sa landas kung saan umaakay ang Banal na Espiritu, at pagkakalooban ka ng Diyos ng mas maraming pagpapala. Ang layunin ng inyong espirituwal na buhay ay upang sadyang matamo ang presensya ng Banal na Espiritu. Hindi ito upang sumunod sa mga patakaran o magsagawa ng mga ritwal na

pangrelihiyon, kundi upang tunay na kumilos na kasama ng Diyos, upang tunay na displinahin ang inyong katawan—ito ang dapat gawin ng tao, kaya dapat ninyong gawin ito nang buong pagsisikap. Kapag higit na pakikipagtulungan at higit na pagsisikap ang iyong inilalaan, mas makakabalik ang puso mo sa Diyos at mas mapapatahimik mo ang puso mo sa Kanyang harapan. Darating ang panahon na lubos na matatamo ng Diyos ang puso mo. Walang sinumang makakaimpluwensya o makakabihag sa puso mo, at ganap kang maaangkin ng Diyos.

Hinango mula sa "Ang Normal na Espirituwal na Buhay ay Inaakay ang mga Tao Patungo sa Tamang Landas" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Makikita mula sa karanasan na isa sa pinakamahahalagang isyu ay ang pagpapatahimik ng puso ng isang tao sa harap ng Diyos. Ito ay isang isyung may kinalaman sa espirituwal na buhay ng mga tao, at sa kanilang paglago sa buhay. Kung payapa ang puso mo sa harap ng Diyos, saka lamang magkakaroon ng bunga ang pagsisikap mong matamo ang katotohanan at magbago ang iyong disposisyon. Dahil humaharap ka sa Diyos nang may pasanin, at dahil palagi mong nadarama na nagkukulang ka sa napakaraming paraan, na maraming katotohanan kang kailangang malaman, maraming realidad kang kailangang maranasan, at na dapat mong ingatan nang husto ang kalooban ng Diyos—nasa isip mo palagi ang mga bagay na ito. Para bang dinadaganan ka ng mga ito nang husto na hindi ka na makahinga, at sa gayon ay napakalungkot mo (bagama't hindi ka negatibo). Ang mga tao lamang na kagaya nito ang karapat-dapat na tumanggap ng kaliwanagan ng mga salita ng Diyos at antigin ng Espiritu ng Diyos. Ito ay dahil sa kanilang pasanin, dahil napakalungkot nila, at, masasabing, dahil sa halagang kanilang ibinayad at pahirap na kanilang tiniis sa harap ng Diyos, tumatanggap sila ng Kanyang kaliwanagan at pagpapalinaw. Sapagkat hindi binibigyan ng Diyos ng espesyal na pagtrato ang sinuman. Lagi Siyang patas sa pagtrato Niya sa mga tao, ngunit hindi rin Siya nagbibigay sa mga tao nang basta-basta o walang kundisyon. Ito ay isang aspeto ng Kanyang matuwid na disposisyon. Sa totoong buhay,

hindi pa nakakamit ng karamihan sa mga tao ang kalagayang ito. Ano't anuman, hindi pa nakakabaling nang husto ang kanilang puso sa Diyos, at sa gayon ay wala pa ring anumang malaking pagbabago sa kanilang disposisyon sa buhay. Ito ay dahil sa nabubuhay lamang sila sa biyaya ng Diyos at hindi pa nila natatamo ang gawain ng Banal na Espiritu. Ang mga pamantayang kailangang matugunan ng mga tao para makasangkapan ng Diyos ay ang mga sumusunod: Bumaling ang kanilang puso sa Diyos, pasanin nila ang bigat ng mga salita ng Diyos, magkaroon sila ng pusong nasasabik, at magpasya silang sikaping matamo ang katotohanan. Ang ganitong klaseng mga tao lamang ang maaaring magtamo ng gawain ng Banal na Espiritu at madalas na nagtatamo ng kaliwanagan at paglilinaw. Sa tingin ay parang di-makatwiran at walang normal na kaugnayan sa iba ang mga taong kinakasangkapan ng Diyos, bagama't magalang silang magsalita, hindi sila nagsasalita nang walang ingat, at kaya nilang patahimikin palagi ang kanilang puso sa harap ng Diyos. Ito mismo ang klase ng tao na sapat upang kasangkapanin ng Banal na Espiritu. Ang "di-makatwirang" taong ito na tinutukoy ng Diyos ay tila walang normal na kaugnayan sa iba, at wala silang pagpapahalaga sa pagpapakita ng pagmamahal o mga panlabas na pagsasagawa, ngunit kapag nagpaparating sila ng mga espirituwal na bagay nagagawa nilang buksan ang kanilang puso at bigyan ang iba ng paglilinaw at kaliwanagang natamo nila mula sa kanilang totoong karanasan sa harap ng Diyos nang hindi iniisip ang kanilang sarili. Ganito nila ipinapahayag ang kanilang pagmamahal sa Diyos at pinalulugod ang kalooban ng Diyos. Kapag ang lahat ng iba pa ay sinisiraan at nililibak sila, naiiwasan nilang makontrol ng mga tao, pangyayari, o bagay sa labas, at kaya pa rin nilang manatiling tahimik sa harap ng Diyos. Ang gayong tao ay tila may sariling kakaibang mga kabatiran. Anuman ang ginagawa ng iba, hindi iniiwan ng puso nila ang Diyos kailanman. Kapag masayang nag-uusap at nagbibiruan ang iba, nananatili pa rin ang kanilang puso sa harap ng Diyos, binubulay-bulay ang salita ng Diyos o tahimik na nananalangin sa Diyos sa puso nila, hinahanap ang mga layon ng Diyos. Hindi nila pinahahalagahan kailanman ang

pagpapanatili ng normal na kaugnayan sa ibang tao. Ang gayong tao ay tila walang pilosopiya sa pamumuhay. Sa tingin, ang taong ito ay masigla, kaibig-ibig, at inosente, ngunit mayroon ding diwa ng kahinahunan. Ito ang wangis ng klase ng taong kinakasangkapan ng Diyos. Ang mga bagay na gaya ng pilosopiya sa pamumuhay o “normal na katwiran” ay sadyang hindi gumagana sa ganitong klaseng tao; ito ang klase ng taong itinalaga na ang kanyang buong puso sa salita ng Diyos, at tila Diyos lamang ang nasa kanyang puso. Ito ang klase ng taong tinutukoy ng Diyos na “walang katwiran,” at ito mismo ang klase ng taong kinakasangkapan ng Diyos. Ang tanda ng isang taong kinakasangkapan ng Diyos ay: Kailan man o saan man, ang kanilang puso ay palaging nasa harap ng Diyos, at gaano man kasama ang iba, gaano man sila nagpapalayaw sa pagnanasa at tawag ng laman, hindi iniiwan ng puso ng taong ito ang Diyos kailanman, at hindi sila sumusunod sa karamihan. Ang ganitong klaseng tao lamang ang angkop na kasangkapanin ng Diyos, at ang ganitong klaseng tao lamang ang ginagawang perpekto ng Banal na Espiritu. Kung hindi mo kayang matamo ang mga bagay na ito, hindi ka karapat-dapat na matamo ng Diyos at maperpekto ng Banal na Espiritu.

Hinango mula sa “Napakahalagang Magtatag ng Isang Normal na Kaugnayan sa Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

11. Ang mga Prinsipyo ng Pamumuhay sa Harapan ng Diyos

(1) Araw-araw, kinakailangang kumain at uminom ng isang sitas o talata ng mga salita ng Diyos, at maghanap at manalangin sa mga ito, at totohanang makipagniig sa Kanya;

(2) Magawang hanapin ang katotohanan sa anumang kinakaharap mo, at manalangin sa Diyos at makamit ang pananahimik sa harapan Niya, na may kasamang landas kung saan maisasagawa ang katotohanan;

(3) Magawang tuparin ang iyong tungkulin nang may pagmamahalan at katiwasayan kasama ng iba. Kung may nasasagupa kang mga paghihirap, dapat kang lumapit sa Diyos at hanapin ang katotohanan

upang malutas ang mga ito;

(4) Tanggapin ang masusing pagsisiyasat ng Diyos sa lahat ng bagay. Magmuni-muni kung nakaayon ba ang iyong mga salita, asal, at mga gawa sa katotohanan, at tunay na kilalanin ang iyong sarili;

(5) Kinakailangang sundan ng isang tao ang daan ng Diyos nang buong puso at pag-iisip. Matakot sa Diyos at layuan ang kasamaan, at kumilos ayon sa prinsipyo. Ganito ang mamuhay sa harapan ng Diyos.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Kailangan mong humarap nang madalas sa Diyos, kainin at inumin at pagnilay-nilayan ang Kanyang mga salita, at tanggapin ang Kanyang pagdisiplina at patnubay sa iyo. Kailangan mong magawang magpasakop sa lahat ng sitwasyon, tao, bagay, at pangyayari na naiplano ng Diyos para sa iyo, at pagdating sa mga bagay na medyo hindi mo maarok, kailangan mong manalangin nang madalas habang hinahanap mo ang katotohanan; sa pag-unawa lamang sa kalooban ng Diyos mo masusumpungan ang daan pasulong. Kailangan mong magpitagan sa Diyos, at maingat na gawin ang dapat mong gawin; kailangan mong madalas na pumayapa sa harap ng Diyos, at huwag kang magpakasama. Kahit man lang kapag may nangyari sa iyo, ang una mong reaksyon dapat ay ipanatag ang sarili mo, pagkatapos ay manalangin kaagad. Sa pagdarasal, paghihintay, at paghahanap, magtatamo ka ng pagkaunawa sa kalooban ng Diyos. Ito ay isang pag-uugaling nagpapakita ng pagpipitagan sa Diyos, hindi ba? Kung, sa kaibuturan ng iyong puso, nagpipitagan at nagpapasakop ka sa Diyos, at kaya mong tumahimik sa harap ng Diyos at unawain ang Kanyang kalooban, sa pakikipagtulungan at pagsasagawa sa ganitong paraan, mapoprotektahan ka. Hindi ka makakaranas ng tukso, o magkakasala sa Diyos, o gagawa ng mga bagay na gagambala sa gawain ng pamamahala ng Diyos, ni hindi ka gagawa ng anuman para pukawin ang pagkamuhi ng Diyos. Taglay ang pusong may takot sa Diyos, matatakot kang magkasala sa Diyos; sa sandaling nahaharap ka sa tukso, mabubuhay ka sa Kanyang harapan, na nanginginig sa takot, at aasa na magagawa mong magpasakop sa Kanya at bigyang-lugod Siya sa lahat ng bagay. Sa

pagsasagawa lamang nang ganito, madalas na pamumuhay sa gayong kalagayan, at madalas na pagiging payapa sa harap ng Diyos, mailalayo mo ang iyong sarili sa tukso at kasamaan kahit hindi mo man lang isipin iyon.

Hinango mula sa “Tanging Kapag Namumuhay Ka sa Harapan ng Diyos sa Lahat ng Sandali Makalalakad Ka sa Landas ng Kaligtasan” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung ang mga tao, sa kanilang pananalig sa Diyos, ay hindi madalas nabubuhay sa harap Niya, hindi nila magagawang magkaroon ng anumang paggalang sa Kanya, kaya hindi nila magagawang layuan ang kasamaan. Magkakaugnay ang mga bagay na ito. Kung madalas mong napapalugod ang Diyos sa puso mo, mapipigilan ka, at matatakot sa Diyos sa maraming bagay. Hindi ka gaanong makakalayo, o gagawa ng anumang bagay na napakasama. Hindi mo gagawin yaong kinamumuhian ng Diyos, at hindi ka magsasalita nang walang katuturan. Kung tinatanggap mo ang obserbasyon ng Diyos, at ang Kanyang pagdidisiplina, iiwasan mong gumawa ng maraming bagay na masama. At sa gayon, hindi mo ba nalayuan ang kasamaan? Kung, sa iyong paniniwala sa Diyos, madalas kang nasa isang litong kalagayan, hindi alam kung nasa puso mo man ang Diyos, hindi alam kung ano ang gusto mong gawin sa puso mo, at kung hindi mo kayang maging mapayapa sa harapan ng Diyos, at hindi nananalangin sa Diyos o hinahanap ang katotohanan kapag may nangyayari sa iyo, kung madalas kang kumikilos ayon sa sarili mong kalooban, namumuhay ayon sa iyong mala-satanas na disposisyon at inihahayag ang iyong mapagmataas na disposisyon, at kung hindi mo tinatanggap ang pagsisiyasat ng Diyos o pagdidisiplina ng Diyos, at hindi mo sinusunod ang Diyos, kung gayon ang mga taong tulad nito’y laging namumuhay sa harap ni Satanas at kontrolado ng kanilang mala-satanas na disposisyon. Ang gayong mga tao samakatuwid ay wala kahit katiting na paggalang sa Diyos. Talagang hindi nila kayang layuan ang kasamaan, at kahit hindi sila gumagawa ng masama, lahat ng iniisip nila ay masama pa rin, at wala itong ugnayan sa katotohanan at sumasalungat sa

katotohanan. Kung gayon ang mga gayong tao ba ay pangunahing walang ugnayan sa Diyos? Kahit sila'y pinamumunuan ng Diyos, hindi sila kailanman nag-uulat sa harap ng Diyos, hindi nila kailanman itinuturing ang Diyos bilang Diyos, hindi nila kailanman itinuturing ang Diyos bilang ang Lumikha na namumuno sa kanila, hindi nila kailanman kinikilala na ang Diyos ay kanilang Diyos at kanilang Panginoon, at hindi nila kailanman isinasaalang-alang na sambahin ang Diyos ng kanilang puso. Ang gayong mga tao ay hindi nakauunawa kung ano ang ibig sabihin ng matakot sa Diyos, at iniisip nilang karapatan nilang gumawa ng masama, sinasabing: "Gagawin ko ang gusto ko. Bahala ako sa sarili ko, walang pakialam ang sinumang iba pa." Iniisip nilang karapatan nilang gumawa ng masama at itinuturing nila ang pananampalataya sa Diyos bilang isang uri ng mantra, bilang isang anyo ng seremonya. Hindi ba sila nagiging di-mananampalataya dahil dito? Sila'y di-mananampalataya! At ano ang katawagan ng Diyos sa mga taong ito sa Kanyang puso? Sa buong maghapon, lahat ng iniisip nila ay kasamaan. Sila ang mga masasamang tao ng bahay ng Diyos, at hindi Niya kinikilala ang gayong mga tao bilang mga kaanib ng Kanyang bahay.

Hinango mula sa "Tanging Kapag Namumuhay Ka sa Harapan ng Diyos sa Lahat ng Sandali Makalalakad Ka sa Landas ng Kaligtasan" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sa loob ng isang araw, ilang oras ang ginugugol mo kung saan tunay kang nasa harap ng Diyos? Ilang oras ng isang araw ang talagang ibinibigay mo sa Diyos? Ilang oras ang ibinibigay mo sa laman? Ang laging pagtutok ng iyong puso sa Diyos ang unang hakbang sa pagtahak sa tamang landas tungo sa Kanyang pagpeperpekto. Kung kaya mong ilaan ang iyong puso, katawan, at lahat ng iyong tunay na pagmamahal sa Diyos, iharap ang mga iyon sa Kanya, maging ganap na masunurin sa Kanya, at maging lubos na mapagbigay sa Kanyang kalooban—hindi para sa laman, hindi para sa pamilya, at hindi para sa iyong sariling personal na mga hangarin, kundi para sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, na itinuturing ang salita ng Diyos bilang prinsipyo at pundasyon sa lahat—sa

paggawa niyon, ang iyong mga layunin at iyong mga pananaw ay malalagay na lahat sa tamang lugar, at magiging isa kang tao sa harap ng Diyos na tumatanggap ng Kanyang papuri. Ang mga taong gusto ng Diyos ay yaong mga tiyak na Kanya; sila yaong sa Kanya lamang magiging matapat. Ang mga kinasusuklaman ng Diyos ay yaong mga malamig sa Kanya at sumusuway sa Kanya. Kinasusuklaman Niya yaong mga naniniwala sa Kanya at laging gustong masiyahan sa Kanya habang hindi pa nagagawang lubos na gugulin ang kanilang sarili para sa Kanyang kapakanan. Kinasusuklaman Niya yaong mga nagsasabi na Siya ay mahal nila ngunit sumusuway sa Kanya sa kanilang puso; kinasusuklaman Niya yaong mga gumagamit ng magagaling at mabulaklak na salita upang manlinlang. Yaong mga hindi tunay na nakalaan sa Diyos o hindi pa tunay na nagpapasakop sa Kanya ay mga taksil at masyadong likas na mayabang. Yaong mga hindi tunay na makapagpasakop sa harap ng normal at praktikal na Diyos ay mas mayabang pa, at sila ay talagang ang masunuring mga inapo ng arkanghel. Ang mga taong tunay na ginugugol ang kanilang sarili para sa Diyos ay inilalagak ang buo nilang pagkatao sa Kanyang harapan; tunay silang nagpapasakop sa lahat ng Kanyang mga pahayag, at naisasagawa nila ang Kanyang mga salita. Ginagawa nilang pundasyon ng kanilang pag-iral ang mga salita ng Diyos, at nagagawa nilang taimtim na saliksikin ang nilalaman ng mga salita ng Diyos upang alamin kung aling mga bahagi ang isasagawa. Sila yaong mga tao na tunay na namumuhay sa harap ng Diyos.

Hinango mula sa “Yaong mga Tunay na Nagmamahal sa Diyos ay Yaong mga Talagang Nagpapasakop sa Kanyang Pagiging Praktikal” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ngayon, lahat ng hindi matanggap ang masusing pagsusuri ng Diyos ay hindi matatanggap ang Kanyang pagsang-ayon, at yaong mga hindi nakakakilala sa Diyos na nagkatawang-tao ay hindi maaaring maperpekto. Tingnan mo ang lahat ng ginagawa mo, at tingnan mo kung maaari ba itong dalhin sa harap ng Diyos. Kung hindi mo madadala ang lahat ng iyong ginagawa sa harap ng Diyos, ipinapakita nito na masamang tao ka.

Mapeperpekto ba ang masasamang tao? Lahat ng iyong ginagawa, bawat kilos, bawat layunin, at bawat tugon ay dapat dalhin sa harap ng Diyos. Kahit ang iyong pang-araw-araw na espirituwal na buhay—ang iyong mga dalangin, ang iyong pagiging malapit sa Diyos, kung paano ka kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, ang pakikibahagi mo sa iyong mga kapatid, at ang buhay mo sa loob ng iglesia—at ang iyong paglilingkod na bilang magkatuwang ay maaaring dalhin sa harap ng Diyos para sa Kanyang masusing pagsusuri. Ang gayong pagsasagawa ang tutulong sa iyo na lumago sa buhay. Ang proseso ng pagtanggap sa masusing pagsusuri ng Diyos ang proseso ng pagdadalisay. Kapag mas matatanggap mo ang masusing pagsusuri ng Diyos, mas napapadalisay at mas umaayon ka sa kalooban ng Diyos, kaya hindi ka maaakit sa kahalayan, at mabubuhay ang puso mo sa Kanyang presensya. Kapag mas tinatanggap mo ang Kanyang masusing pagsusuri, mas napapahiya si Satanas at mas tumataas ang kakayahan mong talikdan ang laman. Kaya, ang pagtanggap sa masusing pagsusuri ng Diyos ay isang landas ng pagsasagawa na dapat sundan ng mga tao. Anuman ang ginagawa mo, kahit kapag nakikipagniig ka sa iyong mga kapatid, maaari mong dalhin ang iyong mga kilos sa harap ng Diyos at hangarin ang Kanyang masusing pagsusuri at hangaring sundin ang Diyos Mismo; gagawin nitong mas tama ang iyong pagsasagawa. Kung dadalhin mo ang lahat ng iyong ginagawa sa harap ng Diyos at tatanggapin ang masusing pagsusuri ng Diyos, saka ka lamang magiging isang tao na nabubuhay sa presensya ng Diyos.

Hinango mula sa “Pineperpekto ng Diyos Yaong mga Kaayon ng Kanyang Puso” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Anuman ang mga suliraning kinakaharap mo, huwag mong laging protektahan ang pansarili mong interes; bagkus, matutong hanapin ang katotohanan at magnilay-nilay sa sarili. Anumang katiwalian mo ang mabunyag, hindi mo dapat pahintulutan na hindi ito maisaayos; pinakamabuti kung mapagnilay-nilayan mo at makilala ang iyong tiwaling diwa. Sa pang-araw-araw na mga sitwasyon, kung nakatuon ang iyong

kaisipan kung paano lutasin ang iyong tiwaling disposisyon, kung paano isagawa ang katotohanan, at kung ano ang mga katotohanang prinsipyo, kung gayon ay may kakayahan kang matutuhan kung paano gamitin ang katotohanan upang malutas ang iyong mga suliranin nang naaayon sa mga salita ng Diyos. Sa paggawa mo nito, unti-unti kang makakapasok sa realidad. Kung ang puso mo ay puno ng mga ideya kung paano ka matataas ng posisyon, o kung ano ang gagawin sa harap ng iba para hangaan ka nila, mali ang landas na tinatahak mo. Nangangahulugan ito na ginagawa mo ang mga bagay para kay Satanas; ikaw ay nagsisilbi. Kung ang puso mo ay puno ng mga ideya kung paano magbago para mas lalo mong makawangis ang tao, nakaayon ka sa mga layon ng Diyos, nagpapasakop ka sa Kanya, kaya mong magpitagan sa Kanya, magpakita ng pagpipigil sa lahat ng ginagawa mo, at lubos mong matatanggap ang Kanyang masusing pagsusuri, bubuti nang bubuti ang lagay mo. Ito ang kahulugan ng pagiging isang tao na namumuhay sa harap ng Diyos. Sa gayon, mayroong dalawang landas: Ang isa ay binibigyang-diin lamang ang pag-uugali, tinutupad ang sariling mga ambisyon, hangarin, layon, at plano ng isang tao; ito ay pamumuhay sa harap ni Satanas at pamumuhay sa ilalim ng kapangyarihan nito. Ang isa pang landas ay binibigyang-diin kung paano mapalugod ang kalooban ng Diyos, pumasok sa realidad ng katotohanan, magpasakop sa Diyos, hindi magkaroon ng mga maling pagkaunawa o pagsuway sa Kanya, lahat para magtamo ng pagpipitagan sa Diyos at gampanang mabuti ang tungkulin ng isang tao. Ito ang ibig sabihin ng mamuhay sa harap ng Diyos.

Hinango mula sa “Sa Pagsasagawa Lamang ng Katotohanan Maaaring Magtaglay ang Tao ng Normal na Pagkatao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sa inyong pang-araw-araw na buhay, kapag nararanasan ninyo ang gawain ng Diyos at nananalangin kayo sa Kanya, ginagawa ninyo ito nang padalus-dalos—nananalangin kayo sa Diyos habang kayo ay gumagawa. Matatawag ba itong pagbibigay ng inyong puso sa Diyos? Nag-iisip kayo tungkol sa mga bagay sa bahay o usapin ng laman; palagi kayong

nagdadalawang-isip. Maituturing ba itong pagpayapa sa inyong puso sa presensya ng Diyos? Ito ay dahil ang puso mo ay palaging nakatutok sa panlabas na mga usapin, at hindi ka nakakabalik sa harap ng Diyos. Kung nais mong tunay na maging payapa ang puso mo sa harap ng Diyos, kailangan mong gawin ang gawain ng sadyang pakikipagtulungan. Ibig sabihin, bawat isa sa inyo ay dapat gumugol ng panahon para sa inyong mga debosyon, isang panahon na maisasantabi ninyo ang mga tao, pangyayari, at bagay; panatagin ang inyong puso at patahimikin ang sarili ninyo sa harap ng Diyos. Lahat ay kailangang magkaroon ng indibiduwal na mga tala ng debosyon, na itinatala ang kanilang kaalaman tungkol sa salita ng Diyos at kung paano naaantig ang kanilang espiritu, malalim man ang mga iyon o mababaw; lahat ay kailangang sadyang payapain ang kanilang puso sa harap ng Diyos. Kung makapaglalaan ka ng isa o dalawang oras bawat araw sa tunay na espirituwal na buhay, madarama mo na ang buhay mo sa araw na iyon ay pinagyaman at ang puso mo ay magiging maningning at maaliwalas. Kung ipinamumuhay mo ang ganitong uri ng espirituwal na buhay araw-araw, mas magiging pag-aaring muli ng Diyos ang puso mo, ang iyong espiritu ay lalakas nang lalakas, ang iyong kundisyon ay patuloy na bubuti, mas makakaya mong tumahak sa landas kung saan umaakay ang Banal na Espiritu, at pagkakalooban ka ng Diyos ng mas maraming pagpapala. Ang layunin ng inyong espirituwal na buhay ay upang sadyang matamo ang presensya ng Banal na Espiritu. Hindi ito upang sumunod sa mga patakaran o magsagawa ng mga ritwal na pangrelihiyon, kundi upang tunay na kumilos na kasama ng Diyos, upang tunay na displinahin ang inyong katawan—ito ang dapat gawin ng tao, kaya dapat ninyong gawin ito nang buong pagsisikap. Kapag higit na pakikipagtulungan at higit na pagsisikap ang iyong inilalaan, mas makakabalik ang puso mo sa Diyos at mas mapapatahimik mo ang puso mo sa Kanyang harapan. Darating ang panahon na lubos na matatamo ng Diyos ang puso mo. Walang sinumang makakaimpluwensya o makakabihag sa puso mo, at ganap kang maaangkin ng Diyos. Kung tatahakin mo ang landas na ito, ibubunyag ng salita ng Diyos ang sarili nito

sa iyo sa lahat ng pagkakataon at liliwanagan ka tungkol sa lahat ng bagay na hindi mo nauunawaan—makakamtan ang lahat ng ito sa pamamagitan ng iyong pakikipagtulungan. Kaya nga palaging sinasabi ng Diyos, “Lahat ng kumikilos na kasama Ko, gagantimpalaan Ko nang doble.” Kailangan ninyong makita nang malinaw ang landas na ito. Kung nais ninyong tumahak sa tamang landas, kailangan ninyong gawin ang lahat ng inyong makakaya upang mapalugod ang Diyos. Kailangan ninyong gawin ang lahat ng inyong makakaya upang magtamo ng espirituwal na buhay. Sa simula, maaaring hindi mo makamtan ang magagandang resulta sa pagsisikap na ito, ngunit huwag mong tulutan ang iyong sarili na umurong o malublob sa pagkanegatibo—kailangang manatili kang masipag! Kapag mas espirituwal ang buhay mo, mas sasakupin ng mga salita ng Diyos ang puso mo, lagi kang mababahala sa mga bagay na ito, at lagi mong dadalhin ang pasaning ito. Pagkatapos niyon, ibunyag mo sa Diyos ang katotohanan sa iyong kalooban sa pamamagitan ng iyong espirituwal na buhay; sabihin sa Kanya kung ano ang handa kang gawin, kung ano ang iniisip mo, ang iyong pagkaunawa at pananaw tungkol sa Kanyang salita. Huwag kang magtago ng anuman, ni katiting! Magsanay sa pagsasabi ng mga salitang nasa puso mo at paghahayag ng totoong damdamin mo sa Diyos; kung nasa puso mo iyon, humayo ka at sabihin mo iyon. Kapag mas nagsalita ka sa ganitong paraan, mas madarama mo ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos, at mas mapapalapit sa Diyos ang puso mo. Kapag nangyari ito, madarama mo na mas mahal mo ang Diyos kaysa kaninuman. Lalagi ka sa tabi ng Diyos, anuman ang mangyari. Kung isasagawa mo ang ganitong klaseng espirituwal na debosyonal sa araw-araw at hindi mo ito iwawaglit sa iyong isipan, kundi ituturing itong napakahalaga sa iyong buhay, sasakupin ng salita ng Diyos ang puso mo. Ito ang kahulugan ng maantig ng Banal na Espiritu. Parang ang puso mo ay palaging angkin ng Diyos, para bang palaging nasa puso mo ang iyong minamahal. Walang sinumang makakaagaw nito mula sa iyo. Kapag nangyari ito, tunay na mananahan ang Diyos sa iyong kalooban at magkakaroon ng puwang sa puso mo.

Hinango mula sa “Ang Normal na Espirituwal na Buhay ay Inaakay ang mga Tao Patungo sa Tamang Landas” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang mga pamantayang kailangang matugunan ng mga tao para makasangkapan ng Diyos ay ang mga sumusunod: Bumaling ang kanilang puso sa Diyos, pasanin nila ang bigat ng mga salita ng Diyos, magkaroon sila ng pusong nasasabik, at magpasya silang sikaping matamo ang katotohanan. Ang ganitong klaseng mga tao lamang ang maaaring magtamo ng gawain ng Banal na Espiritu at madalas na nagtatamo ng kaliwanagan at paglilinaw. Sa tingin ay parang di-makatwiran at walang normal na kaugnayan sa iba ang mga taong kinakasangkapan ng Diyos, bagama’t magalang silang magsalita, hindi sila nagsasalita nang walang ingat, at kaya nilang patahimikin palagi ang kanilang puso sa harap ng Diyos. Ito mismo ang klase ng tao na sapat upang kasangkapanin ng Banal na Espiritu. Ang “di-makatwirang” taong ito na tinutukoy ng Diyos ay tila walang normal na kaugnayan sa iba, at wala silang pagpapahalaga sa pagpapakita ng pagmamahal o mga panlabas na pagsasagawa, ngunit kapag nagpaparating sila ng mga espirituwal na bagay nagagawa nilang buksan ang kanilang puso at bigyan ang iba ng paglilinaw at kaliwanagang natamo nila mula sa kanilang totoong karanasan sa harap ng Diyos nang hindi iniisip ang kanilang sarili. Ganito nila ipinapahayag ang kanilang pagmamahal sa Diyos at pinalulugod ang kalooban ng Diyos. Kapag ang lahat ng iba pa ay sinisiraan at nililibak sila, naiiwasan nilang makontrol ng mga tao, pangyayari, o bagay sa labas, at kaya pa rin nilang manatiling tahimik sa harap ng Diyos. Ang gayong tao ay tila may sariling kakaibang mga kabatiran. Anuman ang ginagawa ng iba, hindi iniiwan ng puso nila ang Diyos kailanman. Kapag masayang nag-uusap at nagbibiruan ang iba, nananatili pa rin ang kanilang puso sa harap ng Diyos, binubulay-bulay ang salita ng Diyos o tahimik na nananalangin sa Diyos sa puso nila, hinahanap ang mga layon ng Diyos. Hindi nila pinahahalagahan kailanman ang pagpapanatili ng normal na kaugnayan sa ibang tao. Ang gayong tao ay tila walang pilosopiya sa pamumuhay. Sa tingin, ang taong ito ay masigla,

kaibig-ibig, at inosente, ngunit mayroon ding diwa ng kahinahunan. Ito ang wangis ng klase ng taong kinakasangkapan ng Diyos. Ang mga bagay na gaya ng pilosopiya sa pamumuhay o “normal na katwiran” ay sadyang hindi gumagana sa ganitong klaseng tao; ito ang klase ng taong itinalaga na ang kanyang buong puso sa salita ng Diyos, at tila Diyos lamang ang nasa kanyang puso. Ito ang klase ng taong tinutukoy ng Diyos na “walang katwiran,” at ito mismo ang klase ng taong kinakasangkapan ng Diyos. Ang tanda ng isang taong kinakasangkapan ng Diyos ay: Kailan man o saan man, ang kanilang puso ay palaging nasa harap ng Diyos, at gaano man kasama ang iba, gaano man sila nagpapalayaw sa pagnanasa at tawag ng laman, hindi iniiwan ng puso ng taong ito ang Diyos kailanman, at hindi sila sumusunod sa karamihan.

Hinango mula sa “Napakahalagang Magtatag ng Isang Normal na Kaugnayan sa Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung nasa puso mo ang Diyos, at may pananampalataya ka sa Diyos, magagawa mong sabihin ang lahat ng nasa puso mo sa Kanya, kabilang ang mga bagay na sasabihin mo sa iyong mga kapalagayan ng loob. Kung tutuusin, ang Diyos ay ang pinakamalapit na kapalagayang-loob mo. Kung ituturing mo ang Diyos bilang pinakamalapit mong kapalagayang-loob, bilang pamilya na sinasandigan mo nang higit sa lahat, inaasahan mo nang higit sa lahat, pinagkakatiwalaan mo nang higit sa lahat, pinakatapat, pinakamalapit sa iyo, kung gayon ay magiging imposible para sa iyo na walang masabi sa Diyos. Kung lagi kang may masasabi sa Diyos, hindi ka ba laging mamumuhay sa harap ng Diyos? Kung lagi kang mamumuhay sa harap ng Diyos, sa bawat sandali, mararamdaman mo kung paano ka ginagabayan ng Diyos, kung paano ka Niya alagaan at ingatan, kung paano ka Niya hatdan ng kapayapaan at galak, kung paano ka Niya biyayaan, kung paano ka Niya liwanagan, at kung paano ka Niya sawayin, disiplinahin, linisin, at hatulan at kastiguhin; lahat ng ito ay magiging malinaw at maliwanag sa iyo sa puso mo. Hindi ka lamang basta-bastang dadaan sa bawat araw, nang walang alam, sinasabi lamang na naniniwala

ka sa Diyos, ginagawa ang tungkulin mo at dumadalo sa mga pagtitipon para lamang magpakita, binabasa ang mga salita ng Diyos at nananalangin araw-araw, ginagawa ang lahat nang wala sa puso—ang sa iyo ay hindi magiging katulad ng ganitong uri ng panlabas na relihiyosong seremonya. Sa halip, sa puso mo, titingin ka sa Diyos at mananalangin ka sa Diyos sa bawat sandali, makikipagniig ka sa Diyos sa lahat ng panahon, at magagawa mong magpasakop sa Diyos, at mamuhay sa harap ng Diyos.

Hinango mula sa "Kung Hindi Mo Kayang Mamuhay Palagi sa Harap ng Diyos, Ikaw ay Hindi Naniniwala" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Paano ba masusing sinisiyasat ng Diyos ang puso ng mga tao? Hindi Siya tumitingin gamit lamang ang Kanyang mga mata; Nagtatakda Siya ng mga kapaligiran para sa iyo, hinahaplos ng Kanyang mga kamay ang iyong puso. At bakit Ko ba sinasabi ito? Dahil kapag nagtatakda ang Diyos ng kapaligiran para sa iyo, tinitingnan Niya kung nakararamdam ka ng pag-ayaw at pagkasuklam, o kagalakan at pagsunod; Tinitingnan ng Diyos upang makita kung tahimik kang naghihintay, o hinahanap mo ang katotohanan; Tinitingnan ng Diyos kung paano nagbabago ang iyong puso at kung saang direksiyon lumalago ang iyong puso. Ang mga pagbabago sa iyong puso, ang bawat saloobin at ideya tungkol sa mga tao, kaganapan, at bagay na itinatakda Niya para sa iyo, bawat pagbabago sa iyong nararamdaman—Nadarama ng Diyos ang lahat ng ito. Wala kang sinumang nasabihan ng mga bagay na ito, o naipanalangin tungkol sa mga ito. Napag-isipan mo lamang ang mga ito sa iyong puso, sa iyong sariling mundo—Subali't lubos na nababatid ng Diyos ang lahat ng ito, at kasinglinaw ng araw ang mga ito sa Kanya. Tinitingnan ka ng mga tao sa pamamagitan ng kanilang mga mata, subali't hinahaplos ng Diyos ang iyong puso sa pamamagitan ng Kanyang puso; ganyan Siya kalapit sa iyo. Kung nadarama mo na masusi kang sinisiyasat ng Diyos, namumuhay ka kung gayon sa harapan ng Diyos. Kung wala kang nararamdaman, kung gayon ay namumuhay ka sa sarili mong mundo, kung saan nasa pagkapahamak ka. Hindi ka namumuhay sa harapan ng Diyos, may

distansya sa pagitan mo at ng Diyos, malayo ka sa Kanya, hindi magkalapit ang inyong puso, hindi sila nagdidikit, hindi mo tinatanggap ang masusing pagsisiyasat ng Diyos—at nababatid din naman ito ng Diyos, matalas Niyang nadarama ito. Samakatwid, kapag pinaghaharian ka ng paninindigan at layunin, at hinahangad na gawing perpekto ng Diyos at maging isang taong sumusunod sa Kanyang kalooban, gayundin isang taong natatakot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan—sa sandaling may ganito kang paninindigan at madalas kang dumadalangin at humihiling ng gayong mga bagay, at namumuhay ka sa harapan ng Diyos at hindi lumalayo sa Kanya o iniiwan Siya, kung gayon, magiging malinaw sa iyo ang mga bagay na ito at mamamalayan Niya ito. Sinasabi ng ilang tao na, "Malinaw ito sa akin; namamalayan ba ito ng Diyos?" Walang pananalig sa gayong mga salita. Ang pagsasabi ng gayon ay nagpapatunay na hindi ka kailanman nakipag-usap sa Diyos at walang anumang kaugnayan sa pagitan mo at ng Diyos. Bakit Ko sinasabing walang kaugnayan? Dahil hindi ka namumuhay sa harapan ng Diyos, kaya't hindi mo nadarama kung sumasaiyo ang Diyos o hindi, kung ginagabayan ka ba Niya, kung pinuprotektahan ka ba Niya, kung sinasaway ka ba Niya kapag may mali kang nagagawa. Kung wala kang maramdaman sa mga ito, hindi ka namumuhay sa harapan ng Diyos. Kung sarili mo lamang ang iyong iniisip, at sarili ang iniintindi, namumuhay ka kung gayon sa sarili mong mundo, hindi sa harapan ng Diyos, at walang anumang kaugnayan sa pagitan mo at ng Diyos.

Hinango mula sa "Kung Hindi Mo Kayang Mamuhay Palagi sa Harap ng Diyos, Ikaw ay Hindi Naniniwala" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Hindi mahalaga kung ano ang nakapagpapaalab sa damdamin mo pagkaraang makapakinig ng mga sermong ito; kapag nasabi at tapos na ang lahat, ang tamang landas lamang ay ang landas kung saan may takot ka sa Diyos at lumalayo ka sa kasamaan. Kung naniniwala ka sa Diyos ngunit walang kinalaman ang iyong pananampalataya sa Kanya, kung hindi Siya ang iyong Panginoon at Manlilikha, kung hindi mo tinatanggap na Siya

ang Naghahari sa iyong kapalaran, hindi ka nagpapasakop sa lahat ng itinakda Niya para sa iyo, hindi tinatanggap ang katunayan na Siya ang katotohanan, kung gayon, luray-luray ang pangarap mo sa kaligtasan. Kung tinatahak mo ang landas na ito, nasa landas ka ng pagkawasak. Sabihin na nating kung ano ang pinagtutuunan, hinahanap, at ipinapanalangin at ipinagmamakaawa mo bawat araw ay nagbibigay sa iyo ng tumatalas na pakiramdam na dapat kang magpasakop sa Manlilikha, na ang Diyos ang iyong Panginoon. At sabihin na nating malugod mong tinatanggap at sinusunod ang Kanyang kataas-taasang kapangyarihan at pagsasaayos para sa iyo, lalong malugod na nagpapasakop sa kung ano ang isinasaayos ng Diyos para sa iyo, lalong nagiging normal ang iyong kalagayan, lalong nagiging mas malapit ang iyong kaugnayan sa Diyos, lalong nagiging mas dalisay ang iyong puso para sa Kanya, at lalong mas kumakaunti ang iyong mga maluluhong hangarin, mga reklamo, at di-pagkakaunawaan sa Diyos, pakaunti nang pakaunti ang nagagawa mong kasamaan, lalong tumitindi ang paglayo mo rito, at lalong nagiging totoo ang takot mo sa Diyos. Ano ngayon ang magiging ibig sabihin nito? Mangangahulugan ito na iniapak mo na ang iyong paa sa landas ng kaligtasan. Kung iniisip mo na walang mali sa kung ano ang hinahanap mo, at na ang sinusundan mong landas ang siyang tama, nguni't pagkaraan ng lahat ng iyong paghahanap, hindi ka dinisiplina ng Diyos at hindi mo maramdaman ang Kanyang paghatol at pagkastigo, hindi handang magpasiyasat sa Diyos at nagnanais na maging sarili mong amo, kung gayon hindi ito ang tamang landas. Kung, sa mas paghahanap mo, tumitindi ang iyong pakiramdam na dapat kang mamuhay sa harapan ng Diyos sa bawat sandali, at natatakot ka na balang araw makakagawa ka ng mali, na sa sandaling hindi ka mag-ingat baka magkasala ka sa Diyos at malagay sa gulo, at sa gayon tiyak na pababayaan Niya, at wala nang higit pang nakakatakot kaysa rito, at pakiramdam mo na kapag naniniwala ang mga tao sa Diyos, hindi sila dapat humiwalay sa Kanya, at kung humiwalay nga sila sa Kanyang disiplina, pagharap, pagpupungos, paghatol, at pagkastigo, kung gayon magiging katulad lamang ito ng pagkawala ng

malasakit at proteksyon ng Diyos—Kung napagtatanto mo ang mga bagay na ito, mananalangin ka sa Diyos at magsasabing, “O Diyos! Nagmamakaawa ako sa Iyo na hatulan at kastiguhin ako, na pagalitan at disiplinahin ako, na masusing siyasatin ako sa lahat ng oras, na pagkalooban ako ng pagpipitagan para sa Iyo, at na malayuan ko ang masama.” Ano sa palagay mo ang landas na ito? Ito ang tamang landas. Kung gayon, dapat ninyong sukatin ang inyong mga sarili sa panukatan ng pamantayang ito: Nasa landas ba kayo ng kaligtasan? (Hindi.) Madali bang tahakin ang landas ng kaligtasan? (Dapat tayong umasa sa Diyos para sa Kanyang patnubay.) Dapat kang umasa sa Diyos, at nakadepende rin ito sa iyong sariling pakikipagtulungan. Kung, pagkatapos na marinig ang mensaheng ito, pakiramdam mo na hindi mo pa naiaapak ang iyong paa sa landas ng kaligtasan nguni’t hindi ka nag-aalala, at hindi ito pinag-iisipan, at pakiramdam mo na sa malaon o madali darating ang araw na gagawin mo ito—kung ganito mo tinitingnan ang mga bagay, mahihirapan kang tahakin ang landas ng kaligtasan. Ano ang dapat mong maging paninindigan, kung gayon, upang maiapak ang paa sa landas na ito? Dapat mong sabihing, “Hindi pa ako nakakapagsimula sa landas ng kaligtasan, kaya nasa panganib ako! Sinasabi ng Diyos na dapat mamuhay ang mga tao sa harapan Niya sa lahat ng sandali, na dapat silang manalangin pa nang mas marami, na sa kaibuturan dapat payapa sila, at huwag maging mapusok. Dapat simulan ko na agad-agad ang pagsasagawang kagaya nito.” Malapit na ito sa pagiging nasa tamang landas, hindi ba? Ganoon lang ito kasimple! Ang mga taong isinasagawa ang mga salita ng Diyos sa sandaling marinig nila ang mga ito ay ang mga nagmamahal sa katotohanan. Anong uri ng mga tao ang nanatiling sutil, walang malasakit, at walang pakialam pagkaraang marinig ang Kanyang mga salita, tinatrato ang mga ito nang may mapagwalang-bahalang ugali at hinahayaan ang mga ito na pumasok sa isang taenga at lumabas lang sa kabila? Hindi ba tanga ang mga taong ito? Laging itinatanong ng mga tao kung may mabilis bang daan tungo sa pagtatamo ng kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya. Sinasabi ko sa iyo na wala, at nasabi ko na sa inyo ang

tungkol sa gayong simpleng landas—subali't pagkaraang marinig ito, kung hindi pa rin ninyo ito isinasagawa, hindi ninyo nalalaman kung ano ang mabuti o masama. Maaari bang maligtas ang gayong mga tao? (Hindi.) Hindi masasabi na hinding-hindi sila maliligtas, nguni't tiyak na makakasagupa sila ng matinding hirap. Balang araw baka sakaling magising sila, pag-isipang muli ang mga bagay-bagay, at sabihing, "Hindi ko sineryoso ang aking pananampalataya sa Diyos sa lahat ng nagdaang taon; Hinahanapan Niya ang mga tao na mamuhay sa harapan Niya sa lahat ng sandali, subali't hindi ko nagagawa. Dapat akong magmadali at manalangin!" Naaalarma sila, at napagtatanto nila na dapat simulan na nilang gawin nang wasto ang kanilang bahagi, at hindi pa naman huli ang lahat! Gayunman, huwag mo nang hintayin pa na kung kailan matanda ka na at hirap nang kumilos at wala ka ng lakas pa upang magsimulang maghanap; sadyang hindi sulit na aksayahin ang pinakamainam na panahon para lamang sa mga walang-katuturang bagay. Kapag dumating na ang oras, wala kang kapupuntahan o kalalabasan, at wala nang oras upang manghinayang na napalampas ang pinakamabuting panahon upang magtamo ng kaligtasan!

Hinango mula sa "Tanging Kapag Namumuhay Ka sa Harapan ng Diyos sa Lahat ng Sandali Makalalakad Ka sa Landas ng Kaligtasan" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

12. Ang mga Prinsipyo ng Pagpapatunay na Gumagawa ang Banal na Espiritu

(1) Yaong nagmumula sa Banal na Espiritu ay tiyak na tiyak na umaayon sa katotohanan ng mga salita ng Diyos. Hindi nito kailanman sinasalungat ito, at maliwanag na naiiba ito sa mga kuro-kuro at mga imahinasyon ng tao.

(2) Yaong nagmumula sa Banal na Espiritu ay umaakay sa mga tao upang maunawaan ang katotohanan at kalooban ng Diyos. Kaya nitong papagliwanagin ang kanilang mga puso at bigyan sila ng landas kung saan magsasagawa;

(3) Yaong nagmumula sa Banal na Espiritu ay makapaghahatid ng

liwanag sa mga tao at makapag-aalis sa kanila mula sa kadilimin, na binibigyan sila ng praktikal na pagkakilala sa Diyos at isang malinaw na pananaw sa landas ng pagpasok sa buhay;

(4) Yaong nagmumula sa Banal na Espiritu ay mapapakinabangan sa pagpasok sa buhay ng mga tao at makaaakay sa kanila upang makatungtong sa tamang landas sa kanilang paniniwala sa Diyos, na binibigyan sila ng kakayahang maisagawa ang katotohanan.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang gawain ng Banal na Espiritu ay isang uri ng maagap na paggabay at positibong kaliwanagan. Hindi nito pinahihintulutan ang mga tao na maging balintiyak. Sila ay dinudulutan nito ng kaaliwan, binibigyan sila ng pananampalataya at katatagan, at binibigyang-kakayahan sila na habulin na gawing perpekto ng Diyos. Kapag gumagawa ang Banal na Espiritu, nagagawa ng mga tao na aktibong pumasok; hindi sila balintiyak o napipilitan, kundi kumikilos nang may sariling pagkukusa. Kapag ang Banal na Espiritu ay gumagawa, ang mga tao ay nagagalak at handa, nakahandang sumunod at masaya sa pagpapakumbaba. Bagama't sila ay nasasaktan at marupok sa loob, mayroon silang katatagan na makipagtulungan, nagdurusa sila nang may kagalakan, nagagawa nilang sumunod, at sila ay walang bahid ng kalooban ng tao, walang bahid ng pag-iisip ng tao, at tiyak na walang bahid ng mga pagnanasa at mga motibo ng tao. Kapag nararanasan ng mga tao ang gawain ng Banal na Espiritu, sila ay lalo nang banal sa loob. Isinasabuhay niyaong mga nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu ang pag-ibig ng Diyos at ang pag-ibig ng kanilang mga kapatid; nagagalak sila sa mga bagay na ikinagagalak ng Diyos, at kinasusuklaman ang mga bagay na kinasusuklaman ng Diyos. Ang mga taong inaantig ng gawain ng Banal na Espiritu ay mayroong normal na pagkatao, at patuloy silang naghahabol sa katotohanan at nagtataglay ng pagkatao. Kapag ang Banal na Espiritu ay gumagawa sa loob ng mga tao, ang kanilang kalagayan ay pabuti nang pabuti, at ang kanilang pagkatao ay lalong nagiging normal, at bagama't ang ilan sa kanilang pakikipagtulungan ay maaaring hangal, ang kanilang

mga pangganyak ay tama, ang kanilang pagpasok ay positibo, hindi nila tinatangkang makagambala, at walang masamang pag-iisip sa loob nila. Ang gawain ng Banal na Espiritu ay normal at tunay, ang Banal na Espiritu ay gumagawa sa tao alinsunod sa mga tuntunin ng normal na buhay ng tao, at nagsasakatuparan Siya ng kaliwanagan at paggabay sa loob ng mga tao alinsunod sa aktwal na paghahabol ng normal na mga tao. Kapag ang Banal na Espiritu ay gumagawa sa mga tao, ginagabayan at nililiwanagan Niya sila alinsunod sa mga pangangailangan ng normal na mga tao. Nagkakaloob Siya para sa kanila ayon sa kanilang mga pangangailangan, at positibo Niyang ginagabayan at nililiwanagan sila ayon sa kung ano ang wala sa kanila, at ayon sa kanilang mga kakulangan. Ang gawain ng Banal na Espiritu ay ang liwanagan at gabayan ang mga tao sa tunay na buhay; kapag nararanasan lamang nila ang mga salita ng Diyos sa kanilang aktwal na buhay saka nila nagagawang makita ang gawain ng Banal na Espiritu. Kung, sa kanilang pang-araw-araw na mga buhay, ang mga tao ay nasa isang positibong kalagayan at mayroong normal na espirituwal na buhay, tinataglay nila ang gawain ng Banal na Espiritu. Sa gayong kalagayan, kapag kinakain nila at iniinom ang mga salita ng Diyos, mayroon silang pananampalataya; kapag sila ay nananalangin, sila ay inspirado; kapag mayroong nangyayari sa kanila, sila ay hindi balintiyak; at habang nangyayari ang mga bagay-bagay, nagagawa nilang makita ang mga aral sa mga bagay na iyon na hinihingi sa kanila ng Diyos na matutuhan. Sila ay hindi balintiyak o mahina, at bagama't mayroon silang mga tunay na paghihirap, nakahanda silang sundin ang lahat ng pagsasaayos ng Diyos.

Hinango mula sa "Ang Gawain ng Banal na Espiritu at ang Gawain ni Satanas" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kapag ang Banal na Espiritu ay gumagawa upang liwanagan ang mga tao, karaniwang binibigyan Niya sila ng kaalaman sa gawain ng Diyos, at sa kanilang totoong pagpasok at totoong kalagayan. Pinahihintulutan din Niya silang maunawaan ang mga layunin ng Diyos na kailangang-

kailangan na at ang Kanyang mga hinihingi sa tao ngayon, upang mayroon silang pagpapasiya na isakripisyo ang lahat para mapalugod ang Diyos, mahalin ang Diyos kahit makatagpo sila ng pag-uusig at kahirapan, at tumayong saksi para sa Diyos kahit nangangahulugan ito ng pagdanak ng kanilang dugo o pagbibigay ng kanilang buhay, at gawin iyon nang walang panghihinayang. Kung mayroon kang ganitong uri ng pagpapasiya, nangangahulugan ito na mayroon kang mga pagkapukaw at gawain ng Banal na Espiritu—nguni't dapat malaman na hindi mo taglay ang gayong mga pagkapukaw sa bawat sandali. Minsan kapag ikaw ay nananalangin sa mga pagpupulong at kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, maaaring maramdaman mo na lubhang naantig at kinasihan ka. Napakabago at sariwa sa pakiramdam kapag nagbabahagi ang iba ng kanilang karanasan at pagkaunawa sa mga salita ng Diyos, at ang iyong puso ay lubos na malinaw at maliwanag. Ito ang lahat ng gawain ng Banal na Espiritu. Kung ikaw ay isang pinuno at binibigyan ka ng Banal na Espiritu ng pambihirang kaliwanagan at pagpapalinaw kapag ikaw ay nagpupunta sa iglesia upang gumawa, binibigyan ka ng kabatiran sa mga suliraning umiiral sa loob ng iglesia, tinutulutan kang malaman kung paano magbahagi sa katotohanan para lutasin ang mga ito, ginagawa kang sobrang masigasig, responsable at seryoso sa iyong gawain, ang lahat ng ito ay gawain ng Banal na Espiritu.

Hinango mula sa "Pagsasagawa (1)" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kapag ang mga kalagayan ng mga tao ay normal, ang kanilang mga espirituwal na buhay at ang kanilang mga buhay sa laman ay normal, at ang kanilang katwiran ay normal at maayos. Kapag sila ay nasa ganitong kalagayan, ang kanilang nararanasan at nalalaman sa loob ng kanilang mga sarili ay masasabi sa pangkalahatan na nagmumula sa pagiging naantig ng Banal na Espiritu (ang pagkakaroon ng mga kabatiran o pagtataglay ng mababaw na kaalaman kapag kinakain at iniinom nila ang mga salita ng Diyos, o pagiging tapat sa ilang bagay, o pagkakaroon ng lakas upang ibigin ang Diyos sa ilang bagay—ang lahat ng ito ay

nagmumula sa Banal na Espiritu). Ang gawain ng Banal na Espiritu sa tao ay natatanging normal; ang tao ay walang kakayahan na madama ito, at tila dumarating sa pamamagitan ng tao mismo, bagaman ito sa katunayan ay gawain ng Banal na Espiritu. Sa pang-araw-araw na buhay, ang Banal na Espiritu ay gumagawa kapwa ng malaki at ng maliit na gawain sa bawa't isa, at ang lawak lamang ng gawaing ito ang nagkakaiba. Ang ilang tao ay may mahusay na kakayahan, at nauunawaan nila ang mga bagay-bagay nang mabilis, at ang kaliwanagan ng Banal na Espiritu ay talagang matindi sa loob nila. Samantala, ang ilang tao na may mahinang kakayahan, at mas matagal bago nila maunawaan ang mga bagay-bagay, nguni't inaantig sila ng Banal na Espiritu sa loob at nagagawa rin nila na maging tapat sa Diyos—ang Banal na Espiritu ay gumagawa sa lahat ng taong naghahabol sa Diyos. Kapag, sa pang-araw-araw na buhay, hindi kinakalaban ng mga tao ang Diyos o naghihimagsik laban sa Diyos, hindi gumagawa ng mga bagay na salungat sa pamamahala ng Diyos at hindi nanghihimasok sa gawain ng Diyos, sa bawa't isa sa kanila ang Espiritu ng Diyos ay gumagawa sa mas malaki o mas maliit na saklaw; inaantig Niya sila, nililiwanagan sila, binibigyan sila ng pananampalataya, binibigyan sila ng lakas, at pinakikilos sila upang mas maagap na pumasok, hindi maging tamad o mag-imbot sa mga kasiyahan ng laman, maging handang magsagawa ng katotohanan, at nananabik para sa mga salita ng Diyos. Lahat ng ito ay gawain na nagmumula sa Banal na Espiritu.

Hinango mula sa "Ang Gawain ng Banal na Espiritu at ang Gawain ni Satanas" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang paraan kung saan higit na tinutulungan ng gawain ng Banal na Espiritu ang mga tao ay sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa kanilang maunawaan ang maraming katotohanan, ang maunawaan ang ilang kalooban ng Diyos, pagpapatigil sa kanila sa pagsuway sa kalooban ng Diyos, at pagtutulak sa kanilang tumungo sa tamang direksiyon, at hindi mawala sa tamang landas. Ano ang layunin ng gawaing pagliliwanag ng Banal na Espiritu? Kung minsan, ginagampanan nito ang tungkulin ng

paggabay sa mga tao; kung minsan naman, nagsisilbi ito upang paalalahanan ka. Kapag malapit ka ng maligaw, sinusuportahan at tinutulungan ka Niya katulad ng isang tungkod, inaakay ka patungo sa tamang landas at ginagabayan ka. Anuman ang liwanag at kaunawaan kung saan nagbibigay-liwanag ang Banal na Espiritu sa mga tao, o kung nagkakaiba man ito dahil sa kanilang pagkatao, wala itong anumang paglabag o pagsalungat sa katotohanan kailanman. Kung ganoon ang nararanasan ng bawat tao, tunay na naghahangad at nananalangin, tunay na sumusunod kung patuloy na gumagawa ang Banal na Espiritu, kung may matalas at listong pag-iisip, at kung hindi nawala ang kaliwanagan ng Banal na Espiritu sa kanila, mabilis na lalago ang kanilang katayugan. Masusunggaban nila ang pagkakataon. Isang katangian ng gawain ng Banal na Espiritu ang pagiging napakabilis—natatapos ito sa isang iglap. Hindi ito katulad ng gawain ng masasamang espiritu, kung saan palagi kang tinutulak at hindi ka makakilos sa iba pang paraan. Kung minsan, gumagawa ang Banal na Espiritu sa pamamagitan ng pagbibigay sa iyo ng pakiramdam kapag nasa bingit ka ng panganib, binabagabag ka nito at pinapabalisa ang kalooban. Nangyayari ito sa mga natatanging pagkakataon. Kadalasan, sa panahon ng normal na karanasan ng mga tao, binibigyan sila ng kaunting pakiramdam o isang banayad na kaisipan o ideya; ipauunawa sa iyo ang kahulugan, at ang kahulugang ito ay ginagawang mga salita ng tao sa pamamagitan ng isip ng tao. Sa katunayan, kung ganito palagi ang nararanasan ng mga tao, kung mayroon sila ng mga katotohanang ito bilang pundasyon, kung mayroon silang gawain ng Banal na Espiritu at palagi itong nasusunggaban, walang posibilidad na mapapalihis sila mula sa tunay na daan. Kahit na sa buong panahon, walang nakakapagbahagi sa iyo, at hindi ka nabibigyan ng anumang pagsasaayos ng gawain, kung magpapatuloy ka sa ganitong direksyon, tiyak na hindi mo tatahakin ang maling landas.

Hinango mula sa “Tingnan ang Lahat ng Bagay sa Pamamagitan ng mga Mata ng Katotohanan” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang kaliwanagang ibinibigay ng Banal na Espiritu sa tao ay nagaganap kapag sila ay nasa normal na kalagayan; sa gayong mga pagkakataon, madalas mapagkamalan ng tao ang kaliwanagang natatanggap nila bilang sarili nilang aktwal na tayog, dahil ang paraan na nagbibigay ng liwanag ang Banal na Espiritu ay lubhang normal, at ginagamit Niya kung ano ang likas sa kalooban ng tao. Kapag gumagawa at nagsasalita ang tao, o kapag nagdarasal sila at gumagawa ng kanilang mga espirituwal na debosyon, biglang lumilinaw sa kanila ang isang katotohanan. Gayunman, ang totoo ay nakikita lamang ng tao ang kaliwanagang bigay ng Banal na Espiritu (natural, ang kaliwanagang ito ay konektado sa pakikipagtulungan ng tao) at hindi kumakatawan sa tunay na tayog ng tao. Pagkaraan ng isang panahon ng karanasan kung saan nakakaharap ng tao ang ilang paghihirap at pagsubok, ang tunay na tayog ng tao ay lumilitaw sa ilalim ng gayong mga pangyayari. Noon lamang matutuklasan ng tao na ang kanyang tayog ay hindi gaanong mataas, at lumalabas lahat ang pagkamakasarili, personal na mga pagsasaalang-alang, at kasakiman ng tao. Pagkaraan lamang ng ilang ulit na mga karanasang katulad nito matatanto ng marami sa mga napukaw sa loob ng kanilang espiritu na ang kanilang naranasan noong araw ay hindi ang sarili nilang indibiduwal na realidad, kundi isang panandaliang pagpapalinaw ng Banal na Espiritu, at na natanggap lamang ng tao ang liwanag na ito. Kapag nililiwanagan ng Banal na Espiritu ang tao upang maunawaan ang katotohanan, kadalasa'y sa malinaw at kaibang paraan, nang hindi ipinaliliwanag kung paano nangyari ang mga bagay-bagay o kung saan patungo ang mga ito. Ibig sabihin, sa halip na isama ang mga paghihirap ng tao sa paghahayag na ito, tuwiran Niyang inihahayag ang katotohanan. Kapag naharap ang tao sa mga paghihirap sa proseso ng pagpasok, at pagkatapos ay isinasama niya ang kaliwanagang bigay ng Banal na Espiritu, nagiging aktwal na karanasan ito ng tao.

Hinango mula sa "Gawain at Pagpasok (2)" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang gawain ng Banal na Espiritu ay positibong pagsulong,

samantalang ang gawain ni Satanas ay pag-urong, pagiging negatibo, pagiging mapanghimagsik, paglaban sa Diyos, pagkawala ng pananampalataya sa Diyos, at pag-ayaw kahit sa pag-awit ng mga himno, at pagiging napakahina para gampanan ang tungkulin. Lahat ng nagmumula sa kaliwanagan ng Banal na Espiritu ay talagang likas; hindi ito ipinipilit sa iyo. Kung susundin mo ito, magkakaroon ka ng kapayapaan; kung hindi, pupunahin ka pagkatapos. Kapag mayroong kaliwanagan ng Banal na Espiritu, walang anuman sa ginagawa mo ang panghihimasukan o pipigilan; ikaw ay palalayain, magkakaroon ng isang landas sa pagsasagawa sa iyong mga pagkilos, at hindi ka mapapasailalim sa anumang mga pagbabawal, kundi magagawang kumilos ayon sa kalooban ng Diyos. Ang gawain ni Satanas ay nagsasanhi sa iyo ng panghihimasok sa maraming bagay; inaalisan ka nito ng ganang manalangin, ginagawa kang masyadong tamad para kainin at inumin ang mga salita ng Diyos, at walang kagustuhang isabuhay ang buhay ng iglesia, at ihinihiwalay ka nito mula sa espirituwal na buhay. Ang gawain ng Banal na Espiritu ay hindi nanghihimasok sa iyong pang-araw-araw na buhay at hindi nanghihimasok sa iyong pagpasok sa isang normal na espirituwal na buhay.

Hinango mula sa “Ang Gawain ng Banal na Espiritu at ang Gawain ni Satanas” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang patnubay ng Banal na Espiritu sa iyong kalooban ay hindi man lamang higit sa normal; sa katunayan, normal na normal ito. Ibig sabihin, sa kaibuturan ng iyong puso, alam mo na ito ang angkop na paraan ng pagkilos, at ito ang pinakamainam na paraan. Talagang malinaw rin naman ang kaisipang ito; hindi ito nagmula sa iyong mga pagninilay, bagkus ay isang uri ng damdaming ibinangon mo mula sa kaibuturan, at kung minsan ay hindi mo lubos na nauunawaan kung ano ang nagtutulak sa iyo na kumilos sa ganitong paraan. Ito kadalasan ay walang iba kundi kaliwanagan mula sa Banal na Espiritu, at ganito ito karaniwang nangyayari sa karamihan ng mga tao. Kadalasang nagmumula sa pag-iisip at pagsasaalang-alang ang mga sariling ideya ng isang tao, at

nahahaluang lahat ng kusang-loob, mga ideya kung anong mga larangan ang mayroon na kasusumpungan ng isang tao ng kapakinabangan para sa kanyang sarili, at kung anong mga kalamangan mayroon ang isang bagay para sa sarili nito; nagtataglay ng ganitong mga bagay ang bawat pagpapasya ng tao. Gayunman, ang patnubay ng Banal na Espiritu ay hindi naglalaman sa anumang paraan ng gayong mga paghahalo. Mahalagang magbigay ng masusing pansin sa patnubay o kaliwanagan mula sa Banal na Espiritu; lalo na sa mahahalagang usapin, kailangan mong mag-ingat para maintindihan iyon. Ang mga taong ibig gamitin ang kanilang utak, at ibig kumilos ayon sa sarili nilang mga ideya, ang sadyang higit na nanganganib malampasan ng gayong patnubay o kaliwanagan.

Hinango mula sa “Ang mga Pangunahing Prinsipyo ng Gawain Para sa mga Lider at Manggagawa” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Anong uri ng tao ang nililiwanagan ng Banal na Espiritu? Silang mga may matalas at listong pag-iisip. Kapag binibigyan sila ng isang pakiramdam o kaliwanagan, nararamdaman nila na gawain ito ng Banal na Espiritu, at ang Diyos ang gumagawa nito. Kung minsan, nalalaman nila agad na sinasaway sila ng Banal na Espiritu kung kaya’t pinipigilan na nila ang kanilang mga sarili. Ito ang mga taong nililiwanagan ng Banal na Espiritu. Kung pabaya ang isang tao at hindi nakauunawa ng mga espirituwal na bagay, hindi nila malalaman kung kailan sila binibigyan ng isang pakiramdam. Hindi nila pinapansin ang gawain ng Banal na Espiritu, kung kaya’t hindi na sila muling susubukang liwanagan ng Banal na Espiritu. Kung patuloy silang hindi tumatanggap maging pagkatapos ng tatlo o apat na pagtatangka, hindi na gagawa sa kanila ang Banal na Espiritu. Bakit ba nakadarama ang ibang tao ng dilim, pagkalumbay, panghihina at pag-iwan ng kaliwanagan ng Banal na Espiritu sa kanilang kalooban kapag lalo silang napapalayo? Walang kahit ano sa kanilang kalooban kundi mga walang kabuluhang bagay at mga walang buhay na doktrina, kaya’t paano sila maaaring mapalakas? Hindi tatagal ang mga tao sa pamamagitan lamang ng pagtitiwala sa kanilang sigasig. Dapat mong

maunawaan ang katotohanan upang magkaroon ng kalakasan. Kung kaya, sa iyong pananampalataya sa Diyos, dapat na mayroon kang listong pag-iisip, dapat mong seryosohin ang mga salita ng Diyos, at tumutok sa pagkilala sa iyong sarili. Dapat mong maunawaan ang kalooban ng Diyos sa pamamagitan ng pag-unawa sa katotohanan, at sa pagkilala at pagdaranas; doon mo lamang matatamo ang gawain ng Banal na Espiritu. Lubhang napaka-praktikal ng gawain ng Banal na Espiritu. May kakayahan ang ibang tao na maunawaan ang katotohanan ngunit wala pa silang personal na karanasan sa gawain ng Banal na Espiritu. Sa pagpapatuloy, dapat kayong tumutok sa pinakamaliliit na pakiramdam, at sa mga pinakabanayad na liwanag. Sa bawat pagkakataong may nangyayari sa iyo, dapat mo itong obserbahan at tingnan mula sa pananaw ng katotohanan, at sa paggawa nito, unti-unti kang makakatahak sa tamang landas.

Hinango mula sa “Tingnan ang Lahat ng Bagay sa Pamamagitan ng mga Mata ng Katotohanan” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

13. Ang mga Prinsipyo ng Pagtatamo ng Gawain ng Banal na Espiritu

(1) Kinakailangang madalas basahin at bulay-bulayin ang mga salita ng Diyos, na may pananabik sa kanilang puso na maunawaan ang katotohanan, at tunay na manalangin sa Diyos at makipagniig sa Kanya;

(2) Hangaring maging isang matapat na tao, magawang taos-pusong gugulin ang iyong sarili para sa Diyos, at gawin ang iyong buong makakaya upang tuparing mabuti ang iyong tungkulin, nang sa gayon malugod ang Diyos;

(3) Magmuni-muni nang madalas tungkol sa iyong mga paglabag at sa katiwaliang nabubunyag sa iyo. Hangaring lutasin ang mga ito gamit ang katotohanan, at maghandog ng taos-pusong pasasalamat at papuri sa Diyos;

(4) Kinakailangang magtatag ng isang normal na kaugnayan sa Diyos. Kapag may mga kuro-kuro ang isang tao tungkol sa Diyos o sinusuway

Siya, dapat nilang hanapin ang katotohanan upang malutas ang suliranin at totohanang magsisi.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang gawain ng Diyos ay ang tustusan ka sa pamamagitan ng mga salita Niya. Kapag sinusunod at tinatanggap mo ang mga salita Niya, tiyak na gagawa sa iyo ang Banal na Espiritu. Gumagawa ang Banal na Espiritu nang eksakto sa sinasabi Ko; gawin mo ang sinabi Ko, at ang Banal na Espiritu ay kaagad gagawa sa iyo. Naglalabas Ako ng bagong ilaw upang mapagmasdan ninyo, na dadalhin kayo sa loob ng ilaw ng kasalukuyan, at kapag lumakad ka sa loob ng ilaw na ito, ang Banal na Espiritu ay kaagad na gagawa sa iyo. Mayroong ilang maaaring matigas ang ulo, sinasabing, “Hindi ko isasakatuparan ang sinasabi Mo.” Kung gayon, sinasabi Ko sa iyo na nakarating ka na ngayon sa katapusan; natuyo at wala ka nang buhay. Kaya naman, sa pagdanas ng pagbabago ng disposisyon mo, walang mas mahalaga kaysa sa ang pagsabay sa kasalukuyang ilaw. Ang Banal na Espiritu ay hindi lamang gumagawa sa ilang mga taong ginagamit ng Diyos, kundi, higit pa rito, sa iglesia. Maaaring gumagawa Siya sa sinuman. Maaaring gumawa Siya sa iyo sa kasalukuyang oras, at mararanasan mo ang gawaing ito. Sa susunod na yugto, maaari Siyang gumawa sa ibang tao, kung gayon dapat kang magmadaling makasunod; kapag mas malapit mong sinusundan ang kasalukuyang ilaw, mas higit na lalago ang buhay mo. Kahit na ano pang uri ang isang tao, kung gumagawa sa kanya ang Banal na Espiritu, dapat kang sumunod. Kunin mo ang mga karanasan niya sa sarili mo, at tatanggap ka ng mas higit pang mga bagay. Sa paggawa nito mas mabilis kang uusad. Ito ang landas ng pagkaperpekto para sa tao at paraan kung saan lalago ang buhay.

Hinango mula sa “Yaong mga Sumusunod sa Diyos Nang may Tunay na Puso ay Tiyak na Makakamit ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Gumagawa ang Diyos sa yaong mga naghahangad at nagpapahalaga sa Kanyang mga salita. Kapag mas pinahahalagahan mo ang mga salita ng Diyos, mas gagawa sa iyo ang Kanyang Espiritu. Kapag mas

pinahahalagahan ng isang tao ang mga salita ng Diyos, mas malaki ang pag-asa nilang maperpekto ng Diyos. Pineperpekto ng Diyos yaong mga tunay na nagmamahal sa Kanya, at pineperpekto Niya yaong mga may puso na payapa sa Kanyang harapan. Ang pahalagahan ang lahat ng gawain ng Diyos, ang pahalagahan ang kaliwanagan ng Diyos, ang pahalagahan ang presensya ng Diyos, ang pahalagahan ang malasakit at pangangalaga ng Diyos, ang pahalagahan kung paano nagiging realidad mo ang mga salita ng Diyos at natutustusan ang iyong buhay—lahat ng ito ay pinakamainam na naaayon sa puso ng Diyos. Kung pinahahalagahan mo ang gawain ng Diyos, ibig sabihin, kung pinahahalagahan mo ang lahat ng gawaing nagawa ng Diyos sa iyo, pagpapalain ka Niya at pararamihin ang lahat ng sa iyo. Kung hindi mo pahahalagahan ang mga salita ng Diyos, hindi Siya gagawa sa iyo, kundi pagkakalooban ka lamang Niya ng katiting na biyaya para sa iyong pananampalataya, o pagpapalain ka ng kaunting kayamanan at ng kaunting kaligtasan ang iyong pamilya. Dapat mong sikaping gawing iyong realidad ang mga salita ng Diyos, at mabigyan Siya ng kasiyahan at maging kaayon ng Kanyang puso; hindi ka lamang dapat magsikap na tamasahin ang Kanyang biyaya. Wala nang iba pang mas mahalaga para sa mga mananampalataya kaysa matanggap ang gawain ng Diyos, maging perpekto, at maging mga taong sumusunod sa kalooban ng Diyos. Ito ang mithiing dapat mong hangarin.

Hinango mula sa “Pineperpekto ng Diyos Yaong mga Kaayon ng Kanyang Puso” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Gumagawa ang Banal na Espiritu batay sa prinsipyong ito: Sa pamamagitan ng pakikipagtulungan ng mga tao, sa pamamagitan ng kanilang aktibong pagdarasal, paghahanap at paglapit sa Diyos, matatamo ang mga resulta at maaari silang maliwanagan at matanglawan ng Banal na Espiritu. Hindi totoong kumikilos nang mag-isa ang Banal na Espiritu, o kumikilos ang tao nang mag-isa. Silang dalawa ay lubos na kinakailangan, at kapag mas nakikipagtulungan ang mga tao, at habang mas hinahangad nilang maabot ang mga pamantayan ng mga hinihingi ng Diyos,

nagkakaroon ng mas malaking epekto ang Banal na Espiritu. Tanging ang totoong pakikipagtulungan ng mga tao, dagdag sa gawain ng Banal na Espiritu, ang maaaring magbunga ng tunay na mga karanasan at ng kinakailangang kaalaman sa mga salita ng Diyos. Unti-unti, sa pamamagitan ng pagdanas sa ganitong paraan, isang perpektong tao ang maibubunga sa huli. Hindi gumagawa ng mga kababalaghan ang Diyos; sa mga haka-haka ng mga tao, ang Diyos ang makapangyarihan sa lahat, at ang lahat ay gawa ng Diyos—na ang bunga ay ang walang-aksiyong paghihintay ng mga tao, hindi pagbabasa ng mga salita ng Diyos o pagdarasal, at paghihintay na lamang sa pag-antig ng Banal na Espiritu. Samantala ang mga may tamang pagkaunawa ay naniniwala rito: Maaari lamang makasulong hanggang sa aking pakikipagtulungan ang mga pagkilos ng Diyos, at nakasalalay sa paraan ng aking pakikipagtulungan ang epekto ng gawain ng Diyos sa aking kalooban. Kapag nagsasalita ang Diyos, dapat kong gawin ang lahat ng aking makakaya upang mahanap at pagsumikapan ang mga salita ng Diyos; ito ang dapat kong maisakatuparan.

Hinango mula sa “Paano Makikilala ang Realidad” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Mayroong isang patakaran sa pagperpekto ng Diyos sa mga tao, na kung saan nililiwanagan ka Niya sa pamamagitan ng paggamit ng isang kaibig-ibig na bahagi mo upang magkaroon ka ng landas ng pagsasagawa at maihiwalay mo ang sarili mo mula sa lahat ng negatibong kalagayan, na tumutulong mapalaya ang iyong espiritu, at ginagawa kang mas kayang mahalin Siya. Sa ganitong paraan, nagagawa mong iwaksi ang tiwaling disposisyon ni Satanas. Hindi ka maarte at bukas ka, handang kilalanin ang sarili mo at isagawa ang katotohanan. Tiyak na pagpapalain ka ng Diyos, kaya kapag ikaw ay mahina at negatibo, nililiwanagan ka Niya nang doble, tinutulungan kang mas makilala ang sarili mo, maging mas handang magsisi para sa sarili mo, at mas maisagawa ang mga bagay na dapat mong isagawa. Sa ganitong paraan lamang magiging payapa at

maginhawa ang iyong puso. Ang isang taong karaniwang nakatuon sa pagkilala sa Diyos, na nakatuon sa pagkilala sa kanyang sarili, na nakatuon sa kanyang sariling pagsasagawa, ay madalas na makatatanggap ng gawain ng Diyos, maging ng Kanyang patnubay at kaliwanagan. Kahit negatibo ang kalagayan ng taong iyon, nagagawa niyang baguhin kaagad ang mga bagay-bagay, tulak man iyon ng budhi o ng kaliwanagan mula sa salita ng Diyos.

Hinango mula sa “Yaon Lamang mga Nakatuon sa Pagsasagawa ang Mapeperpekto” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang gawain ng Banal na Espiritu ay may mga prinsipyo, at ito ay may pasubali. Sa anong uri ng tao karaniwang gumagawa ang Banal na Espiritu? Ano ang dapat taglayin ng isang tao upang makamit ang gawain ng Banal na Espiritu? Sa pananampalataya ng isang tao, dapat malinaw niyang maunawaan na upang makamit ang gawain ng Banal na Espiritu, dapat siyang magkaroon ng budhi at isang pusong tapat, kahit papaano, at ang kanyang budhi ay dapat may mga sangkap ng katapatan. Sa minsan lamang na magkaroon ka ng pusong tapat—gayundin ng budhi at pangangatuwiran na dapat taglayin ng katauhan mo—ay saka pa lamang makakagawa ang Banal na Espiritu sa iyo. Laging sinasabi ng mga tao na ang Diyos ay tumitingin nang malalim sa puso ng isang tao at pinagmamasdan ang lahat. Gayunpaman, hindi kailanman alam ng mga tao kung bakit ang ilan ay hindi kailanman nakapagkakamit ng kaliwanagan mula sa Banal na Espiritu, kung bakit hindi nila nakakamtan kailanman ang biyaya, kung bakit hindi sila kailanman nagkakaroon ng kagalakan, kung bakit lagi silang negatibo at nalulumbay, at kung bakit hindi nila kayang maging positibo. Tingnan ang kanilang mga kalagayan. Tiyak na walang isa sa mga taong ito ang may gumaganang budhi o isang pusong tapat. Yaong may kapayapaan at kagalakan, na laging aktibo at pinagbubuti ang pagganap sa kanilang mga tungkulin, na laging may nakakamit na anuman, na laging may pag-unawa, at laging may napapala mula sa kanilang mga pagsisikap pagkatapos ng ilang panahon—ang kanila bang

natanggap ay nakamit nila dahil sa kanilang imahinasyon? Natutuhan ba ang mga bagay na iyon mula sa pag-aaral sa mga libro? Paano natatamo ang mga ito? Maaari bang maiwaksi ang gawain ng Banal na Espiritu? (Hindi.) Ang gawain ng Banal na Espiritu ang pangunahing bagay. Kapag nagtataglay ka ng isang pusong tapat, at ng budhi at katwiran na mga kinakailangan ng pagkatao mo, pagmamasdan ka ng Diyos. Naisip mo ba ang isang padron kung paano gumagawa ang Banal na Espiritu? Ang Banal na Espiritu ay karaniwang kumikilos sa mga taong tapat ang puso, at Siya ay gumagawa kapag ang mga tao ay nahaharap sa mga gulo at hinahangad ang katotohanan. Hindi makikinig ang Diyos sa mga walang bahid ng pantaong katwiran o budhi. Kung napakatapat ng isang tao ngunit, sa loob ng ilang panahon, ang kanyang puso ay napalayo sa Diyos, wala siyang hangaring mapabuti, nahulog siya sa isang negatibong kalagayan at hindi lumabas dito, kapag hindi siya nagdarasal o naghahanap ng katotohanan upang malutas ang kanyang kalagayan, at hindi siya nakikipagtulungan, ang Banal na Espiritu ay hindi gagawa sa kanya sa panahong ito ng paminsan-minsang pagdidilim ng kanyang kalagayan o ng kanyang pansamantalang pagkabulok. Paano, kung gayon, gagawa ang Banal na Espiritu sa isang taong walang kamalayan ng sangkatauhan? Iyan ay mas imposible. Ano, kung gayon, ang dapat gawin ng gayong mga tao? May daan ba na kanilang masusundan? Dapat silang tunay na magsisi at maging tapat na mga tao. Paano ba maging isang tapat na tao? Una, ang iyong puso ay dapat magbukas sa Diyos, at dapat mong hanapin ang katotohanan mula sa Diyos; kapag naunawaan mo na ang katotohanan, dapat mo itong isagawa. Pagkaraan ay dapat kang magpasakop sa mga kaayusan ng Diyos at hayaan ang Diyos na pangasiwaan ka. Sa ganitong paraan ka lamang pupurihin ng Diyos. Kailangan mo munang isaisantabi ang iyong sariling katanyagan at kapalaluan, at talikuran ang iyong sariling mga interes. Una sa lahat, subukan mo silang isaisantabi, at kapag naisantabi mo na sila, ilagay mo ang iyong buong katawan at kaluluwa sa iyong tungkulin at sa gawain ng pagpapatotoo para sa Diyos, at pagkatapos ay tingnan mo kung paano ka

gagabayan ng Diyos, tingnan mo kung ang kapayapaan at kagalakan ay lumitaw sa loob mo, kung mayroon kang kumpirmasyong ito. Dapat ka munang magsisi nang tunay, isuko ang iyong sarili, buksan ang iyong puso sa Diyos, at isaisantabi ang mga bagay na iyong pinahahalagahan. Kung patuloy kang kumakapit sa mga ito habang humihiling sa Diyos, makakamit mo ba ang gawain ng Banal na Espiritu? Ang gawain ng Banal na Espiritu ay may pasintabi, at ang Diyos ay isang Diyos na kinamumuhian ang kasamaan at Siya ay banal. Kung palaging kumakapit ang mga tao sa mga bagay na ito, patuloy na isinasara ang kanilang sarili sa Diyos at tinatanggihan ang gawain at patnubay ng Diyos, titigil ang Diyos sa paggawa sa kanila. Hindi dahil ang Diyos ay dapat gumawa sa kalooban ng bawat tao, o na pipilitin ka Niyang gawin ito o iyan. Hindi ka Niya pinipilit. Ang gawain ng masasamang espiritu ay pilitin ang mga tao na gawin ito o iyan, at pati na ang pag-angkin at pagkontrol sa mga tao. Ang Banal na Espiritu ay gumagawa nang lalong banayad; inaantig ka Niya, at hindi mo ito nararamdaman. Nararamdaman mo lamang na tila walang malay mong naunawaan o napagtanto ang isang bagay. Ganito kung paano antigin ng Banal na Espiritu ang mga tao, at kung magpapasakop sila, makikita nila ang kanilang sariling tunay na nagsisisi.

Hinango mula sa “Ipagkaloob ang Iyong Tunay na Puso sa Diyos, at Makakamit Mo ang Katotohanan” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

At paano mo hinahangad na maantig ng Banal na Espiritu? Ang napakahalagang bagay ay ang mabuhay sa kasalukuyang mga salita ng Diyos, at manalangin sa saligan ng mga hinihingi ng Diyos. Sa pananalangin sa ganitong paraan, tiyak na aantigin ka ng Banal na Espiritu. Kung hindi ka naghahangad batay sa saligan ng mga salita na sinabi ng Diyos ngayon, ito ay walang ibubunga. Dapat kang manalangin, at sabihin: “O Diyos! Ikaw ay aking kinakalaban, at malaki ang aking pagkakautang sa Iyo; masyado akong masuwayin, at hindi kailanman nagagawang mapalugod Ka. O Diyos, hinihiling ko na iligtas Mo ako, nais kong maglingkod sa Iyo hanggang sa kahuli-hulihan, nais kong mamatay

para sa Iyo. Hinahatulan Mo ako at kinakastigo ako, at wala akong mga reklamo; Ikaw ay aking kinakalaban at karapat-dapat akong mamatay, upang lahat ng tao ay maaaring makita ang Iyong matuwid na disposisyon sa aking kamatayan." Kapag nananalangin ka mula sa kaibuturan ng iyong puso sa ganitong paraan, diringgin ka ng Diyos, at gagabayan ka; kung hindi ka nananalangin sa saligan ng mga salita ng Banal na Espiritu ngayon, walang posibilidad na aantigin ka ng Banal na Espiritu. Kung ikaw ay mananalangin alinsunod sa kalooban ng Diyos, at alinsunod sa kung anong gustong gawin ng Diyos sa kasalukuyan, sasabihin mo: "O Diyos! Nais kong tanggapin ang Iyong mga tagubilin at maging tapat sa Iyong mga tagubilin, at nakahanda akong ilaan ang aking buong buhay sa Iyong kaluwalhatian, upang ang lahat ng aking ginagawa ay makaaabot sa mga pamantayan ng bayan ng Diyos. Nawa'y antigin Mo ang aking puso. Nais ko na liwanagan akong palagi ng Iyong Espiritu, upang ang lahat ng aking ginagawa ay magdulot ng kahihiyan kay Satanas, na sa bandang huli ako ay Iyong makamit." Kung mananalangin ka sa ganitong paraan, sa paraang nakasentro sa kalooban ng Diyos, walang-pagsalang gagawa sa iyo ang Banal na Espiritu. Hindi mahalaga kung gaano karami ang mga salita sa iyong mga panalangin—ang susi ay kung nauunawaan mo o hindi ang kalooban ng Diyos. Maaaring nagkaroon na kayong lahat ng sumusunod na karanasan: Minsan, habang nananalangin sa isang pagpupulong, ang mga dinamika ng gawain ng Banal na Espiritu ay umaabot sa kanilang kasukdulan, na nagiging sanhi para umusbong ang lakas ng bawa't isa. Ang ilang tao ay tumatangis at humahagulgol habang nananalangin, napuspos ng pagsisisi sa harap ng Diyos, at ang ilang tao ay ipinakikita ang kanilang kapasyahan, at gumagawa ng mga panata. Ang gayon ay ang epekto na tatamuhin ng gawain ng Banal na Espiritu. Sa kasalukuyan, napakahalaga na ganap na ibuhos ng lahat ng tao ang kanilang mga puso sa mga salita ng Diyos. Huwag magtuon ng pansin sa mga salita na sinabi noon; kung pinanghahawakan mo pa rin ang kung ano ang dumating noong una, ang Banal na Espiritu ay hindi gagawa sa kalooban mo. Nakikita mo ba kung gaano kahalaga ito?

Hinango mula sa “Alamin ang Pinakabagong Gawain ng Diyos at Sumunod sa Kanyang mga Yapak” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Dahil napakarami nang nasabi ng Diyos, dapat mong gawin ang lahat upang kainin at inumin ang Kanyang mga salita, at pagkatapos, hindi mo namamalayan, mauunawaan mo ang mga ito, at hindi mo namamalayan, liliwanagan ka ng Banal na Espiritu. Kapag nililiwanagan ng Banal na Espiritu ang tao, madalas ay lingid ito sa kaalaman ng tao. Nililiwanagan at ginagabayan ka Niya kapag ikaw ay nauuhaw at naghahanap. Ang prinsipyo kung paano gumagawa ang Banal na Espiritu ay nakasentro sa mga salita ng Diyos na iyong kinakain at iniinom. Lahat ng hindi nagpapahalaga sa mga salita ng Diyos at palaging iba ang saloobin tungkol sa Kanyang mga salita—na naniniwala, sa kanilang magulong pag-iisip, na walang halaga kung binabasa nila ang Kanyang mga salita o hindi—ay yaong mga walang realidad. Hindi makikita ang gawain ng Banal na Espiritu ni ang kaliwanagang hatid Niya sa gayong tao. Ang mga taong katulad nito ay nagpapadala lamang sa agos, mga mapagpanggap na walang totoong mga kakayahan, tulad ni Mr. Nanguo sa talinghaga.[a]

Hinango mula sa “Ang Kapanahunan ng Kaharian ay ang Kapanahunan ng Salita” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa pagpapatuloy, ang pag-uusap tungkol sa mga salita ng Diyos ang prinsipyong dapat mong sundin sa iyong pagsasalita. Karaniwan, kapag nagsasama-sama kayo, dapat kayong magbahaginan tungkol sa mga salita ng Diyos, na tinatanggap ang mga salita ng Diyos bilang nilalaman ng inyong mga pag-uusap, na pinag-uusapan kung ano ang alam ninyo tungkol sa mga salitang ito, kung paano ninyo isinasagawa ang mga ito, at kung paano gumagawa ang Banal na Espiritu. Basta’t nagbabahagi ka ng mga salita ng Diyos, paliliwanagin ka ng Banal na Espiritu. Ang pagkakamit ng mundo ng mga salita ng Diyos ay nangangailangan ng pakikipagtulungan ng tao. Kung hindi mo ito papasukin, walang paraan ang Diyos upang gumawa; kung ititikom mo ang iyong bibig at hindi ka magbabahagi tungkol sa Kanyang mga salita, wala Siyang paraan para

paliwanagin ka. Tuwing hindi ka naman abala, magbahagi ka tungkol sa mga salita ng Diyos, at huwag basta mag-abala sa walang-kabuluhang pagdadaldalan! Hayaan mong mapuspos ng mga salita ng Diyos ang buhay mo—saka ka lamang magiging isang tapat na mananampalataya. Hindi mahalaga kung paimbabaw ang iyong pagbabahagi. Kung walang kababawan, hindi magkakaroon ng kalaliman. Kailangan ay may isang proseso. Sa pamamagitan ng iyong pagsasanay, maiintindihan mo ang pagpapalinaw ng Banal na Espiritu sa iyo, at kung paano mas epektibong kainin at inumin ang mga salita ng Diyos. Pagkaraan ng isang agwat ng pagsisiyasat, papasok ka sa realidad ng mga salita ng Diyos. Kung matibay kang nagpasiyang makipagtulungan, saka mo lamang matatanggap ang gawain ng Banal na Espiritu.

Hinango mula sa “Ang Kapanahunan ng Kaharian ay ang Kapanahunan ng Salita” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung madalas kang makakakain at makakainom ng mga salita ng Diyos at makakasunod sa Kanyang kalooban at maisasagawa ang Kanyang mga salita, nabibilang ka sa Diyos, at ikaw ay isang taong namumuhay ayon sa Kanyang mga salita. Handa ka bang tumakas mula sa sakop ni Satanas at mabuhay sa liwanag ng Diyos? Kung namumuhay ka ayon sa mga salita ng Diyos, magkakaroon ng pagkakataon ang Banal na Espiritu na gampanan ang Kanyang gawain; kung nabubuhay ka sa ilalim ng impluwensya ni Satanas, hindi mo mabibigyan ng gayong pagkakataon ang Banal na Espiritu. Ang gawaing ginagampanan ng Banal na Espiritu sa mga tao, ang liwanag na Kanyang pinasisikat sa kanila, ang tiwalang ibinibigay Niya sa kanila ay tumatagal lamang nang isang saglit; kung ang mga tao ay hindi maingat at hindi nag-uukol ng pansin, lalampasan sila ng gawain ng Banal na Espiritu. Kung namumuhay ang mga tao ayon sa mga salita ng Diyos, sasakanila ang Banal na Espiritu at gagawaan sila. Kung ang mga tao ay hindi namumuhay ayon sa mga salita ng Diyos, nabubuhay sila sa mga gapos ni Satanas. Kung nabubuhay ang mga tao na may mga tiwaling disposisyon, wala sa kanila ang presensya o

gawain ng Banal na Espiritu. Kung namumuhay ka ayon sa mga salita ng Diyos, at kung nabubuhay ka sa kalagayang hinihingi ng Diyos, nabibilang ka sa Kanya, at gagawaan ka Niya; kung hindi ka namumuhay ayon sa mga hinihingi ng Diyos, kundi sa halip ay nabubuhay ka sa ilalim ng sakop ni Satanas, tiyak na namumuhay ka ayon sa katiwalian ni Satanas. Kapag namuhay ka ayon sa mga salita ng Diyos at ibinigay mo ang iyong puso sa Kanya, saka mo lamang matutugunan ang Kanyang mga hinihingi; kailangan mong gawin ang sinasabi ng Diyos, gawing pundasyon ng iyong pag-iral at realidad ng iyong buhay ang Kanyang mga pahayag; saka ka lamang mapapabilang sa Diyos. Kung talagang namumuhay ka alinsunod sa kalooban ng Diyos, gagawaan ka ng Diyos at sa gayon ay mabubuhay ka sa ilalim ng Kanyang mga pagpapala, sa liwanag ng Kanyang mukha; mauunawaan mo ang gawaing ginagampanan ng Banal na Espiritu at madarama ang kagalakan ng presensya ng Diyos.

Hinango mula sa “Tumakas Mula sa Impluwensya ng Kadiliman, at Kakamtin Ka ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Makikita mula sa karanasan na isa sa pinakamahahalagang isyu ay ang pagpapatahimik ng puso ng isang tao sa harap ng Diyos. Ito ay isang isyung may kinalaman sa espirituwal na buhay ng mga tao, at sa kanilang paglago sa buhay. Kung payapa ang puso mo sa harap ng Diyos, saka lamang magkakaroon ng bunga ang pagsisikap mong matamo ang katotohanan at magbago ang iyong disposisyon. Dahil humaharap ka sa Diyos nang may pasanin, at dahil palagi mong nadarama na nagkukulang ka sa napakaraming paraan, na maraming katotohanan kang kailangang malaman, maraming realidad kang kailangang maranasan, at na dapat mong ingatan nang husto ang kalooban ng Diyos—nasa isip mo palagi ang mga bagay na ito. Para bang dinadaganan ka ng mga ito nang husto na hindi ka na makahinga, at sa gayon ay napakalungkot mo (bagama’t hindi ka negatibo). Ang mga tao lamang na kagaya nito ang karapat-dapat na tumanggap ng kaliwanagan ng mga salita ng Diyos at antigin ng Espiritu ng Diyos. Ito ay dahil sa kanilang pasanin, dahil napakalungkot nila, at,

masasabing, dahil sa halagang kanilang ibinayad at pahirap na kanilang tiniis sa harap ng Diyos, tumatanggap sila ng Kanyang kaliwanagan at pagpapalinaw. Sapagkat hindi binibigyan ng Diyos ng espesyal na pagtrato ang sinuman. Lagi Siyang patas sa pagtrato Niya sa mga tao, ngunit hindi rin Siya nagbibigay sa mga tao nang basta-basta o walang kundisyon. Ito ay isang aspeto ng Kanyang matuwid na disposisyon. Sa totoong buhay, hindi pa nakakamit ng karamihan sa mga tao ang kalagayang ito. Ano't anuman, hindi pa nakakabaling nang husto ang kanilang puso sa Diyos, at sa gayon ay wala pa ring anumang malaking pagbabago sa kanilang disposisyon sa buhay. Ito ay dahil sa nabubuhay lamang sila sa biyaya ng Diyos at hindi pa nila natatamo ang gawain ng Banal na Espiritu. Ang mga pamantayang kailangang matugunan ng mga tao para makasangkapan ng Diyos ay ang mga sumusunod: Bumaling ang kanilang puso sa Diyos, pasanin nila ang bigat ng mga salita ng Diyos, magkaroon sila ng pusong nasasabik, at magpasya silang sikaping matamo ang katotohanan. Ang ganitong klaseng mga tao lamang ang maaaring magtamo ng gawain ng Banal na Espiritu at madalas na nagtatamo ng kaliwanagan at paglilinaw.

Hinango mula sa "Napakahalagang Magtatag ng Isang Normal na Kaugnayan sa Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa iyong pang-araw-araw na buhay, kailangan mong maunawaan kung alin ang mga salitang sasabihin mo at ang mga bagay na maaaring magsanhi ng abnormalidad sa iyong kaugnayan sa Diyos, at pagkatapos ay ituwid ang iyong sarili at pumasok sa tamang paraan. Sa lahat ng pagkakataon, suriin ang iyong mga salita, ang iyong mga kilos, ang iyong bawat hakbang, at lahat ng iyong saloobin at ideya. Magtamo ng wastong pagkaunawa tungkol sa iyong tunay na kalagayan at pumasok sa landas ng gawain ng Banal na Espiritu. Ito lamang ang paraan para magkaroon ng normal na kaugnayan sa Diyos. Sa pagsusuri kung normal ang iyong kaugnayan sa Diyos, magagawa mong itama ang iyong mga layunin, maunawaan ang kalikasang diwa ng tao, at tunay na maunawaan ang iyong sarili, at, sa paggawa nito, magagawa mong makapasok sa mga

tunay na karanasan, talikdan ang iyong sarili sa isang tunay na paraan, at sadyaing magpasakop. Habang dinaranas mo ang mga bagay na ito tungkol sa kung ang iyong kaugnayan sa Diyos ay normal o hindi, makakahanap ka ng mga pagkakataong magawang perpekto ng Diyos at magagawa mong maunawaan ang maraming kalagayan ng Banal na Espiritu. Magagawa mo ring makita ang marami sa mga panloloko ni Satanas at matalos ang mga pakikipagsabwatan nito. Ang landas na ito lamang ang humahantong sa pagpeperpekto ng Diyos. Itama mo ang iyong kaugnayan sa Diyos, upang makapagpasakop ka nang lubusan sa Kanyang mga plano, at makapasok ka nang mas malalim sa tunay na karanasan at makatanggap ng mas marami pang gawain ng Banal na Espiritu.

Hinango mula sa “Kumusta ang Kaugnayan Mo sa Diyos?” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Talababa:

a. Wala sa orihinal na teksto ang pariralang “sa talinghaga.”

14. Ang mga Prinsipyo ng Pagtanggap sa Masusing Pagsisiyasat ng Diyos

(1) Sa iyong mga panalangin sa Diyos, tanggapin ang Kanyang masusing pagsisiyasat. Huwag magsalita nang di-katotohanan o tangkaing linlangin Siya; sabihin lamang kung ano ang nasasa puso mo, hanapin ang katotohanan, at hangaring maunawaan ang Kanyang kalooban;

(2) Kapag tumutupad ka ng iyong tungkulin, kinakailangang tanggapin ang masusing pagsisiyasat ng Diyos. Managot sa Diyos para sa pagtupad mo ng iyong tungkulin, ituwid ang iyong mga hangarin, at tapusin na ang padaskul, walang-malasakit na paggawa at panloloko;

(3) Tanggapin ang masusing pagsisiyasat ng Diyos sa lahat ng personal na bagay. Itama ang alinman sa mga ito na nilalabag ang katotohanang prinsipyo, at magsisi sa Diyos;

(4) Sa harapan man ng iba o hindi man nila nakikita, ipresenta ang

lahat ng iyong ginagawa sa harapan ng Diyos at ipasailalim ito sa Kanyang pagsusuri. Sabihin sa Kanya sa panalangin ang mga bagay na malabo sa iyo at hanapin ang katotohanan.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ako ay matuwid, Ako ay matapat, at Ako ang Diyos na sumusuri sa kaibuturan ng puso ng tao! Ibubunyag Ko agad kung sino ang totoo at kung sino ang huwad. Huwag kang mangamba, lahat ng bagay ay kumikilos ayon sa Aking oras. Sino ang tunay na naghahangad sa Akin, sino ang hindi—sasabihin Ko sa inyo, isa-isa. Siguraduhin lamang ninyong kumain nang mabuti, uminom nang mabuti, at lumapit sa Akin kapag kayo ay nasa presensya Ko, at Ako Mismo ang gagawa ng Aking gawain. Huwag kayong labis na masabik sa mga agarang resulta; ang Aking gawain ay hindi isang bagay na maisasagawa agad-agad. Nakapaloob dito ang Aking mga hakbang at ang Aking karunungan, at iyan ang dahilan kung kaya mabubunyag ang Aking karunungan. Hahayaan Ko kayong makita kung ano ang ginagawa ng Aking mga kamay—ang pagpaparusa sa kasamaan at paggantimpala sa kabutihan. Ako ay talagang walang pinapaboran na kahit na sino. Ikaw na tapat na nagmamahal sa Akin, tapat Kitang mamahalin, at yaon namang mga hindi tapat na nagmamahal sa Akin, ang Aking poot ay mamamalagi magpakailanman sa kanila, upang maalala nila magpakailanman na Ako ang tunay na Diyos, ang Diyos na sumusuri sa kaibuturan ng puso ng tao. Huwag kang kumilos ng isang paraan kapag kaharap ang kapwa ngunit ibang paraan kapag nakatalikod sila; malinaw Kong nakikita ang lahat ng ginagawa mo, at kahit malinlang mo ang iba, hindi mo Ako malilinlang. Malinaw Kong nakikita iyong lahat. Hindi posibleng maitago mo ang anumang bagay; ang lahat ay nasa Aking mga kamay. Huwag mong isiping napakatalino mo dahil nagagawa mong makinabang mula sa mga munti mong pagmamanipula. Sinasabi Ko sa iyo: gaano man karaming plano ang gawin ng tao, libo-libo man o sampu-sampung libo, sa huli ay hindi sila makatatakas mula sa Aking palad. Lahat ng bagay ay kontrolado ng Aking mga kamay, lalo naman ang isang tao! Huwag mo Akong subukang iwasan o pagtaguan, huwag mong subukang

manlinlang o magtago. Maaari kayang hindi mo pa rin nakikita na ang Aking maluwalhating mukha, ang Aking poot at Aking paghatol, ay naibunyag na sa madla? Sinumang hindi nagnanais sa Akin nang tapat, agad at walang-awa Ko silang hahatulan. Ang Aking awa ay umabot na sa sukdulan; wala nang natitira pa roon. Huwag na kayong maging mga paimbabaw, at itigil na ninyo ang inyong mga gawing mararahas at pabaya.

Hinango mula sa “Kabanata 44” ng Mga Pagbigkas ni Cristo sa Pasimula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang maging mananampalataya sa Diyos ay nangangahulugan na lahat ng ginagawa mo ay kailangang dalhin sa Kanyang harapan at sumailalim sa Kanyang masusing pagsusuri. Kung maihaharap ang iyong ginagawa sa Espiritu ng Diyos ngunit hindi sa katawang-tao ng Diyos, nagpapakita ito na hindi ka pa masusing nasusuri ng Espiritu ng Diyos. Sino ang Espiritu ng Diyos? Sino ang taong pinatototohanan ng Diyos? Hindi ba Sila iisa at pareho? Ang tingin sa kanila ng karamihan ay dalawang magkahiwalay na nilalang, naniniwalang ang Espiritu ng Diyos ay Espiritu ng Diyos, at ang taong pinatototohanan ng Diyos ay isang tao lamang. Ngunit hindi ka ba nagkakamali? Sa kaninong pangalan gumagawa ang taong ito? Yaong mga hindi nakakakilala sa Diyos na nagkatawang-tao ay walang espirituwal na pang-unawa. Ang Espiritu ng Diyos at ang Kanyang nagkatawang-taong laman ay iisa, dahil ang Espiritu ng Diyos ay lumitaw sa katawang-tao. Kung ang taong ito ay hindi mabait sa iyo, magiging mabuti ba ang Espiritu ng Diyos? Hindi ka ba nalilito? Ngayon, lahat ng hindi matanggap ang masusing pagsusuri ng Diyos ay hindi matatanggap ang Kanyang pagsang-ayon, at yaong mga hindi nakakakilala sa Diyos na nagkatawang-tao ay hindi maaaring maperpekto. Tingnan mo ang lahat ng ginagawa mo, at tingnan mo kung maaari ba itong dalhin sa harap ng Diyos. Kung hindi mo madadala ang lahat ng iyong ginagawa sa harap ng Diyos, ipinapakita nito na masamang tao ka. Mapeperpekto ba ang masasamang tao? Lahat ng iyong ginagawa, bawat kilos, bawat layunin, at bawat tugon ay dapat dalhin sa harap ng Diyos. Kahit ang iyong pang-araw-araw na espirituwal

na buhay—ang iyong mga dalangin, ang iyong pagiging malapit sa Diyos, kung paano ka kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, ang pakikibahagi mo sa iyong mga kapatid, at ang buhay mo sa loob ng iglesia—at ang iyong paglilingkod na bilang magkatuwang ay maaaring dalhin sa harap ng Diyos para sa Kanyang masusing pagsusuri. Ang gayong pagsasagawa ang tutulong sa iyo na lumago sa buhay. Ang proseso ng pagtanggap sa masusing pagsusuri ng Diyos ang proseso ng pagdadalisay. Kapag mas matatanggap mo ang masusing pagsusuri ng Diyos, mas napapadalisay at mas umaayon ka sa kalooban ng Diyos, kaya hindi ka maaakit sa kahalayan, at mabubuhay ang puso mo sa Kanyang presensya. Kapag mas tinatanggap mo ang Kanyang masusing pagsusuri, mas napapahiya si Satanas at mas tumataas ang kakayahan mong talikdan ang laman. Kaya, ang pagtanggap sa masusing pagsusuri ng Diyos ay isang landas ng pagsasagawa na dapat sundan ng mga tao. Anuman ang ginagawa mo, kahit kapag nakikipagniig ka sa iyong mga kapatid, maaari mong dalhin ang iyong mga kilos sa harap ng Diyos at hangarin ang Kanyang masusing pagsusuri at hangaring sundin ang Diyos Mismo; gagawin nitong mas tama ang iyong pagsasagawa. Kung dadalhin mo ang lahat ng iyong ginagawa sa harap ng Diyos at tatanggapin ang masusing pagsusuri ng Diyos, saka ka lamang magiging isang tao na nabubuhay sa presensya ng Diyos.

Hinango mula sa “Pineperpekto ng Diyos Yaong mga Kaayon ng Kanyang Puso” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung nais mong maging kaayon ng puso ng Diyos, kailangan mong magkaroon ng pusong sumusunod sa Kanyang gawain, kailangan mong sikaping hanapin ang katotohanan, at kailangan mong tanggapin ang masusing pagsusuri ng Diyos sa lahat ng bagay. Sumailalim na ba ang lahat ng ginagawa mo sa masusing pagsusuri ng Diyos? Tama ba ang iyong hangarin? Kung tama ang iyong hangarin, pupurihin ka ng Diyos; kung mali ang iyong hangarin, ipinapakita niyan na ang minamahal ng puso mo ay hindi ang Diyos, kundi ang laman at si Satanas. Kung gayon,

kailangan mong gamitin ang panalangin bilang isang paraan upang tanggapin ang masusing pagsusuri ng Diyos sa lahat ng bagay. Kapag nagdarasal ka, bagama't hindi Ako personal na nakatayo sa iyong harapan, sumasaiyo ang Banal na Espiritu, at nagdarasal ka kapwa sa Akin Mismo at sa Espiritu ng Diyos. Bakit ka naniniwala sa katawang-taong ito? Naniniwala ka dahil taglay Niya ang Espiritu ng Diyos. Maniniwala ka ba sa taong ito kung wala sa Kanya ang Espiritu ng Diyos? Kapag naniniwala ka sa taong ito, naniniwala ka sa Espiritu ng Diyos. Kapag natatakot ka sa taong ito, natatakot ka sa Espiritu ng Diyos. Ang pananampalataya sa Espiritu ng Diyos ay pananampalataya sa taong ito, at ang pananampalataya sa taong ito ay pananampalataya rin sa Espiritu ng Diyos. Kapag nagdarasal ka, nadarama mong sumasaiyo ang Espiritu ng Diyos at na ang Diyos ay nasa iyong harapan, at sa gayon ay nagdarasal ka sa Kanyang Espiritu. Sa panahong ito, karamihan sa mga tao ay masyadong takot na dalhin ang kanilang mga kilos sa harap ng Diyos; bagama't maaari mong linlangin ang Kanyang katawang-tao, hindi mo malilinlang ang Kanyang Espiritu. Anumang bagay na hindi makayanan ang masusing pagsusuri ng Diyos ay hindi nakaayon sa katotohanan, at nararapat na isantabi; kung hindi ay nagkakasala ka sa Diyos. Kaya, kailangan mong ilatag ang iyong puso sa harap ng Diyos sa lahat ng oras, kapag nagdarasal ka, kapag nagsasalita at nagbabahagi ka sa iyong mga kapatid, at kapag ginagampanan mo ang iyong tungkulin at ginagawa ang iyong gawain. Kapag ginampanan mo ang iyong tungkulin, sumasaiyo ang Diyos, at hangga't tama ang iyong hangarin at iyon ay para sa gawain ng bahay ng Diyos, tatanggapin Niya ang lahat ng ginagawa mo; dapat mong buong taimtim na ialay ang iyong sarili sa pagganap sa iyong tungkulin. Kapag nagdarasal ka, kung may pagmamahal ka sa Diyos sa iyong puso at hangad mo ang malasakit, pangangalaga at masusing pagsusuri ng Diyos, kung ang mga bagay na ito ang iyong hangarin, magiging epektibo ang iyong mga dalangin. Halimbawa, kapag nagdarasal ka sa mga pulong, kung bubuksan mo ang iyong puso at magdarasal ka sa Diyos at sasabihin mo sa Kanya kung ano ang nasa puso mo nang hindi ka nagsisinungaling,

siguradong magiging epektibo ang iyong mga dalangin.

Hinango mula sa “Pineperpekto ng Diyos Yaong mga Kaayon ng Kanyang Puso” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang pagkakaroon ng normal na kaugnayan sa Diyos ay nangangahulugan ng kakayahang hindi pagdudahan o tanggihan ang anuman sa Kanyang gawain at magpasakop sa Kanyang gawain. Nangangahulugan ito ng pagkakaroon ng mga tamang layunin sa presensya ng Diyos, hindi paggawa ng mga plano para sa sarili mo, at pagsasaalang-alang muna sa mga interes ng pamilya ng Diyos sa lahat ng bagay; nangangahulugan ito ng pagtanggap sa pagsusuri ng Diyos at pagsunod sa mga plano ng Diyos. Kailangan mong magawang patahimikin ang iyong puso sa presensya ng Diyos sa lahat ng iyong ginagawa. Kahit hindi mo nauunawaan ang kalooban ng Diyos, kailangan mo pa ring tuparin ang iyong mga tungkulin at responsibilidad sa abot ng iyong makakaya. Kapag nabunyag na sa iyo ang kalooban ng Diyos, kumilos ayon dito, at hindi na magiging huli ang lahat. Kapag naging normal ang iyong kaugnayan sa Diyos, magkakaroon ka rin ng normal na mga kaugnayan sa mga tao. Lahat ay itinatatag sa pundasyon ng mga salita ng Diyos. Kainin at inumin ang mga salita ng Diyos, pagkatapos ay isagawa ang mga kinakailangan ng Diyos, itama ang iyong mga pananaw, at iwasang gumawa ng anuman upang kalabanin ang Diyos o gambalain ang iglesia. Huwag gumawa ng anumang hindi mapapakinabangan sa buhay ng iyong mga kapatid, huwag magsalita ng anumang hindi nakakatulong sa iba, at huwag gumawa ng anumang kahiya-hiya. Maging makatarungan at marangal sa lahat ng bagay na ginagawa mo at tiyakin na bawat kilos mo ay kaaya-aya sa harap ng Diyos. Bagama’t maaaring mahina ang laman kung minsan, kailangan mong magawang unahin ang mga interes ng pamilya ng Diyos, nang walang pag-iimbot para sa sarili mong kapakinabangan, at kailangan mong makakilos nang matuwid. Kung makapagsasagawa ka sa ganitong paraan, magiging normal ang iyong kaugnayan sa Diyos.

Sa lahat ng ginagawa mo, kailangan mong siyasatin kung ang iyong mga layunin ay tama. Kung nagagawa mong kumilos ayon sa mga kinakailangan ng Diyos, ang iyong kaugnayan sa Diyos ay normal. Ito ang pinakamababang pamantayan. Usisain mo ang iyong mga layunin, at kung malaman mo na nagkaroon ng mga maling layunin, talikuran mo ang mga ito at kumilos ka ayon sa mga salita ng Diyos; sa gayon ay magiging isa kang taong matuwid sa harap ng Diyos, na nagpapakita naman na ang iyong kaugnayan sa Diyos ay normal, at na lahat ng iyong ginagawa ay para sa kapakanan ng Diyos, hindi para sa iyong sariling kapakanan. Sa lahat ng iyong ginagawa at lahat ng iyong sinasabi, itama ang iyong puso at maging matuwid sa iyong mga kilos, at huwag patangay sa iyong mga damdamin, ni huwag kumilos ayon sa sarili mong kalooban. Ito ang mga prinsipyong kailangang sundin ng mga sumasampalataya sa Diyos sa kanilang pag-uugali.

Hinango mula sa “Kumusta ang Kaugnayan Mo sa Diyos?” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Yaong mga may kakayahang magsagawa ng katotohanan ay makakayang tanggapin ang pagsisiyasat ng Diyos sa paggawa ng mga bagay. Kapag tinatanggap mo ang pagsisiyasat ng Diyos, naitutuwid ang puso mo. Kung gumagawa ka lamang ng mga bagay para makita ng iba at hindi tinatanggap ang pagsisiyasat ng Diyos, kung gayon, nasa puso mo pa ba ang Diyos? Ang mga taong tulad nito ay walang paggalang sa Diyos. Huwag kang laging gumawa ng mga bagay para sa sarili mong kapakanan at huwag mong palagiang isaalang-alang ang iyong mga sariling interes; huwag isipin ang iyong sariling katayuan, katanyagan, o reputasyon. Huwag mo ring isaalang-alang ang mga interes ng tao. Kailangan mo munang isipin ang mga interes ng tahanan ng Diyos, at unahin ang mga iyon. Dapat mong isaalang-alang ang kalooban ng Diyos at magsimula sa pamamagitan ng pagmumuni-muni kung ikaw ay naging dalisay o hindi sa pagtupad mo sa iyong tungkulin, kung nagawa mo ang lahat ng iyong makakaya upang maging matapat, nagawa ang lahat ng iyong makakaya

upang matupad ang iyong mga pananagutan, at naibigay ang lahat mo, gayundin kung buong-puso mo nang naisaisip o hindi ang iyong tungkulin at ang gawain ng tahanan ng Diyos. Kailangan mong isaalang-alang ang mga bagay na ito. Isipin mong madalas ang mga ito, at magiging higit na madali sa iyong gampanan nang maayos ang iyong tungkulin. Kung mahina ang iyong kakayahan, mababaw ang iyong karanasan, o hindi ka bihasa sa iyong mga propesyunal na gawain, kung gayon ay maaaring may ilang pagkakamali o kakulangan sa iyong gawain, at maaaring hindi maging napakaganda ng mga resulta–nguni't naibuhos mo na ang iyong buong pagsisikap. Kapag hindi mo iniisip ang iyong mga makasariling paghahangad o isinasaalang-alang ang iyong mga pansariling interes sa mga bagay na ginagawa mo, at sa halip ay nagbibigay ng palagiang pagsasaalang-alang sa gawain ng tahanan ng Diyos, taglay sa isip ang mga kapakanan nito, at ginagampanan nang mahusay ang iyong tungkulin, makakaipon ka, kung gayon, ng mabubuting gawa sa harap ng Diyos. Ang mga taong gumaganap sa mabubuting gawang ito ay yaong mga may angking katotohanang realidad; sa gayon, mayroon silang patotoo.

Hinango mula sa "Ipagkaloob ang Iyong Tunay na Puso sa Diyos, at Makakamit Mo ang Katotohanan" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Gaano man kalalim ang pagkaunawa ng mga tao sa katotohanan, sa ilalim ng anumang pangyayari, hindi sila dapat gumawa ng masasamang bagay o umasang matatakasan nila ang anuman, dahil nagmamatyag ang Diyos sa sangkalupaan. Ano ba ang saklaw ng "sangkalupaan"? Kapwa kabilang dito ang materyal at di-materyal. Huwag mong gamitin ang iyong isip upang sukatin ang Diyos, upang sukatin ang Kanyang awtoridad at pagka-makapangyarihan. Huwag kang gumawa ng anumang kamangmangan o kasamaan; sa malaon o madali, haharapin nang may paghihiganti ang masasamang gawain, hanggang sa dumating ang araw na ilalantad ka ng Diyos at kakailanganin mong tanggapin ang mga bunga ng iyong ginawa. Kaya't may mga partikular na bagay kung saan makakabuti para sa iyo na itaguyod ang iyong sarili ayon sa mga salita ng

Diyos, at subukang alamin at pagnilay-nilayan ang mga suliraning ito nang mag-isa, bago ka ilantad ng Diyos. Subukan munang lutasing mag-isa ang mga ito—huwag hintaying ilantad ka ng Diyos. At kapag ginawa Niya iyon, hindi ba't hindi ka nakakakilos upang baguhin ang isang kalagayan? May halaga ka pa ba? May anumang pagbabago ba sa halaga mo, kung ano ka sa paningin ng Diyos, mula nang simulan ng Diyos na masusi kang siyasatin hanggang sa ilantad ka Niya? Gaano kalaking pagbabago? Sa panahong masusi kang sinisiyasat ng Diyos, binibigyan ka ng mga pagkakataon ng Diyos, malaki ang pag-asa Niya sa iyo, hanggang sa mismong araw na ilantad ka Niya—kung saan sa puntong iyon ang Kanyang mga pag-asa para sa iyo at mga pagkakataong ibinibigay Niya sa iyo ay napakalaki ng pagkakaiba. Ano ang idudulot sa iyo ng pagkakaibang ito? Sa mga hindi gaanong malubhang sitwasyon, maaaring maging isa ka sa mga taong, sa puso ng Diyos, ay kinamumuhian at nasa bingit ng pagsasaisantabi. Ano ba ang ibig sabihin ng "maisantabi"? Ibig sabihin nito ay maibukod at mamatyagan. At paano naman sa malulubhang sitwasyon? Sa Kanyang puso, sinasabi ng Diyos na, "Isang pahirap ang taong ito, hindi man lamang siya angkop na maglingkod. Hindi ko kailanman ililigtas ang taong ito!" Ano ang kahihinatnan ng taong ito sa sandaling ito ang maging layon ng Diyos? Wala nang saysay pa kung gayon ang pagyukod at pagpapakahirap—Nabigyan ka na ng Diyos ng sapat na mga pagkakataon. Lumabis ka na. Kaya't kapag may nagaganap na mga partikular na usapin na partikular na may kinalaman sa iyo, nakikinig ka man sa isang pangaral, o nagbabasa ng mga salita ng Diyos, o nakikipagpulong sa iyong mga kapatid upang makakuha ng katugunan, o maaaring may mga napagtanto ka, tinanggap ang masusing pagsisiyasat ng Diyos, at lumapit sa harapan ng Diyos upang humingi ng Kanyang kaliwanagan at pagpapalinaw—paano mo man ito gawin, pinakamainam na alamin mo nang mas maaga ang iyong mga usapin at magawa mong magsisi. Anuman ang gawin mo, huwag hintayin na lamang na ilantad ka ng Diyos.

Hinango mula sa "Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (5)" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

15. Ang mga Prinsipyo ng Panunumpa ng mga Panata sa Diyos

(1) Kinakailangang maunawaan na sinasaklaw ng masusing pagsisiyasat ng Diyos kahit ang kaloob-looban ng puso ng tao. Napapailalim ang lahat sa Kanyang masusing pagsisiyasat. Ang mga panunumpa at panatang may-katuturan lamang sa Diyos ay ang mga ginawa na may hangaring bigyan Siya ng kaluguran;

(2) Sa panunumpa at pagpapanata sa Diyos, hindi maaaring mawala ang isang pusong natatakot sa Kanya at nagpapasakop sa Kanya; Kapag may pusong katulad nito, may motibasyon ang isang taong ikiling ang kanilang sarili sa katarungan at manindigan sa kanyang patotoo;

(3) Ang mga panunumpa at panata sa Diyos ay ginawa sa serbisyo ng pagpasok sa buhay. Hindi kailanman kayang samantalahin ng isang tao ang Diyos sa pamamagitan ng di-totoong panunumpa upang makamit nila ang sarili nilang mga kagustuhan;

(4) Matapos makapanumpa o makapagpanata sa Diyos, kinakailangang panghawakan ito at pagsikapang tuparin ito. Ang hindi gawin ito ay pagpapabaya sa responsibilidad; isa itong kasinungalingan dinisenyo upang samantalahin at dayain ang Diyos.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Yamang gumawa ka na ng mga resolusyon na paglingkuran Ako, hindi kita pakakawalan. Isa Akong Diyos na kinapopootan ang kasamaan, at isa Akong Diyos na naninibugho sa sangkatauhan. Yamang nailagay mo na ang mga salita mo sa dambana, hindi Ko kukunsintihin ang pagtakbo mo sa mismong harap ng mga mata Ko, ni hindi Ko kukunsintihin na naglilingkod ka sa dalawang panginoon. Inisip mo bang maaari kang magkaroon ng pangalawang pagmamahal matapos mong mailagay na ang mga salita mo sa dambana Ko at sa harap ng mga mata Ko? Paano Ko mapapayagan ang mga tao na gawin Akong isang hangal sa gayong paraan? Inisip mo bang maaari kang basta-basta gumawa ng mga panata at mga panunumpa sa Akin gamit ang dila mo? Paano ka nakagagawa ng mga panunumpa sa trono Ko, ang trono Ko na Siyang Kataas-taasan?

Inisip mo bang lumipas na ang mga panunumpa mo? Hayaan ninyong sabihin Ko sa inyo: Kahit pa maaaring pumanaw ang mga laman ninyo, ang mga panunumpa ninyo ay hindi. Sa katapusan, parurusahan Ko kayo batay sa mga panunumpa ninyo. Gayunman, naniniwala kayong magagawa ninyong makitungo sa Akin sa pamamagitan ng paglalagay ng mga salita ninyo sa harap Ko, at na makapaglilingkod sa maruruming espiritu at masasamang espiritu ang mga puso ninyo. Paano makapagpaparaya ang galit Ko sa kanila na malaaso at malababoy na mga taong dinaraya Ako? Dapat Kong isakatuparan ang mga atas administratibo Ko, at agawin pabalik mula sa mga kamay ng maruruming espiritu ang lahat ng labis na pormal at "relihiyoso" na mayroong pananampalataya sa Akin upang maaari silang "maghintay" sa Akin sa isang disiplinadong pamamaraan, maging Aking baka, maging Aking mga kabayo, at maging nasa awa ng Aking pagkakatay. Ipag-uutos Ko sa iyong ibalik ang dati mong determinasyon at muling paglingkuran Ako. Hindi Ako magpaparaya sa anumang nilikhang nanlilinlang sa Akin. Inisip mo bang maaari kang walang taros na gumawa ng mga hiling at magsinungaling sa harapan Ko? Inisip mo bang hindi Ko narinig o nakita ang mga salita at mga gawa mo? Paano mawawala sa paningin Ko ang mga salita at mga gawa mo? Paano Ko mapahihintulutan ang mga tao na linlangin Ako na katulad niyan?

Hinango mula sa "Masyadong Hamak ang Pagkatao Ninyong Lahat!" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sino na sa inyo ang nakagawa ng pagpapasiya sa Aking harapan at hindi iwinaksi ang mga ito pagkatapos? Sino na ang nakagawa ng pangmatagalang mga pagpapasiya sa Aking harapan sa halip na madalas na itakda ang kanilang isipan sa mga bagay-bagay? Noon pa man, gumagawa na ang mga tao ng mga pagpapasiya sa Aking harapan sa mga panahon ng kaluwagan, at pagkatapos ay binabawing lahat ang mga ito sa mga panahon ng kagipitan; pagkatapos, kalaunan, muli nilang binubuhay ang kanilang pagpapasiya at inilalahad iyon sa Aking harapan. Lubha ba

Akong hindi kagalang-galang para basta Ko na lamang tanggapin ang basurang ito na napulot ng sangkatauhan mula sa tambakan ng basura? Kumakapit nang mahigpit ang ilang tao sa kanilang mga pagpapasiya, ang ilan ay walang sala, at ang ilan ay nag-aalay ng mga bagay na pinakamahalaga sa kanila bilang sakripisyo sa Akin. Hindi ba ganoon kayong lahat? Kung hindi ninyo matupad ang inyong mga tungkulin bilang mga miyembro ng Aking mga tao sa kaharian, kamumuhian at tatanggihan Ko kayo!

Hinango mula sa “Kabanata 14” ng Mga Salita ng Diyos sa Buong Sansinukob sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Wala nang higit pang kinamumuhian ang Diyos kaysa sa mga dalangin ng relihiyosong seremonya. Ang mga dalangin sa Diyos ay tinatanggap lamang kapag taos-puso ang mga ito. Kung wala kang sasabihing taos-puso, kung gayon tumahimik ka; huwag kang palaging nagsasalita ng mga maling salita at pabulag na sumusumpa sa harap ng Diyos, na sinusubukan Siyang linlangin, na nagsasabi kung gaano mo Siya kamahal, kung gaano mo nais na maging tapat sa Kanya. Kung hindi mo kayang kamtin ang iyong mga ninanasa, kung wala ka ng ganitong paninindigan at tayog, huwag kang manalangin nang ganoon, anuman ang sitwasyon, sa harap ng Diyos. Iyan ay pangungutya. Ang ibig sabihin ng pangungutya ay ginagawa mong katawa-tawa ang isang tao, pinaglalaruan mo sila. Kapag nananalangin ang mga tao sa harap ng Diyos nang may ganitong uri ng disposisyon, kahit paano, ito ay panlilinlang. Ang pinakamalala, kung madalas mo itong ginagawa, kung gayon talagang kasumpa-sumpa ang pagkatao mo. Kung isusumpa ka ng Diyos, tatawagin iyong kalapastanganan! Walang pagpipitagan ang mga tao sa Diyos, hindi nila alam kung paano magpitagan sa Diyos, o kung paano Siya mahalin at palugurin. Kung hindi malinaw sa kanila ang katotohanan, o tiwali ang kanilang disposisyon, palalampasin ito ng Diyos. Nguni’t dinadala nila ang gayong pagkatao sa harap ng Diyos, at tinatrato ang Diyos tulad ng pagtrato ng mga walang pananampalataya sa ibang mga tao. Bukod pa

riyan, taimtim silang lumuluhod sa Kanyang harapan sa pananalangin, gamit ang mga salitang ito upang subukang lansihin ang Diyos, at kapag tapos na sila, hindi lamang sila walang nadaramang pagsisisi, kundi wala rin silang pandama ng pagiging-seryoso ng kanilang mga pagkilos. Dahil diyan, kasama ba nila ang Diyos? Ang isang tao bang lubos na walang presensya ng Diyos ay maliliwanagan at maiilawan? Maliliwanagan ba sila ng katotohanan? (Hindi, hindi maaari.) Kung gayon ay may problema sila.

Hinango mula sa "Kapag Kilala Mo ang Iyong Sarili, Saka Mo Lamang Hahangaring Matamo ang Katotohanan" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kailangan mong ilatag ang iyong puso sa harap ng Diyos sa lahat ng oras, kapag nagdarasal ka, kapag nagsasalita at nagbabahagi ka sa iyong mga kapatid, at kapag ginagampanan mo ang iyong tungkulin at ginagawa ang iyong gawain. Kapag ginampanan mo ang iyong tungkulin, sumasaiyo ang Diyos, at hangga't tama ang iyong hangarin at iyon ay para sa gawain ng bahay ng Diyos, tatanggapin Niya ang lahat ng ginagawa mo; dapat mong buong taimtim na ialay ang iyong sarili sa pagganap sa iyong tungkulin. Kapag nagdarasal ka, kung may pagmamahal ka sa Diyos sa iyong puso at hangad mo ang malasakit, pangangalaga at masusing pagsusuri ng Diyos, kung ang mga bagay na ito ang iyong hangarin, magiging epektibo ang iyong mga dalangin. Halimbawa, kapag nagdarasal ka sa mga pulong, kung bubuksan mo ang iyong puso at magdarasal ka sa Diyos at sasabihin mo sa Kanya kung ano ang nasa puso mo nang hindi ka nagsisinungaling, siguradong magiging epektibo ang iyong mga dalangin. Kung taos mong minamahal ang Diyos sa puso mo, manumpa ka sa Diyos: "Diyos ko, na nasa kalangitan at sa lupa at sa lahat ng bagay, isinusumpa ko sa Iyo: Nawa'y suriin ng Iyong Espiritu ang lahat ng ginagawa ko at protektahan at pangalagaan ako sa lahat ng oras, at gawing posible na lahat ng ginagawa ko ay tumayo sa Iyong presensya. Kung sakaling tumigil ang puso ko sa pagmamahal sa Iyo o pagtaksilan Ka nito, kastiguhin at isumpa Mo ako nang matindi. Huwag Mo akong patawarin sa mundong ito o kahit sa susunod!" Nangangahas ka bang manumpa nang gayon? Kung

hindi, ipinapakita niyan na ikaw ay dungo, at na mahal mo pa rin ang iyong sarili. Ito ba ang inyong pasya? Kung ito talaga ang inyong pagpapasya, dapat ninyong gawin ang panunumpang ito. Kung may pagpapasya kang gawin ang gayong panunumpa, tutuparin ng Diyos ang iyong pagpapasya. Kapag nanunumpa ka sa Diyos, nakikinig Siya. Tinitiyak ng Diyos kung ikaw ay makasalanan o matuwid sa pamamagitan ng iyong panalangin at iyong pagsasagawa. Ito ngayon ang proseso ng pagperpekto sa inyo, at kung talagang nananalig kang gagawin kang perpekto, dadalhin mo ang lahat ng iyong ginagawa sa harap ng Diyos at tatanggapin ang Kanyang masusing pagsusuri; kung gagawa ka ng isang bagay na labis na mapanghimagsik o kung pagtataksilan mo ang Diyos, gagawin Niyang magkatotoo ang iyong panunumpa, at sa gayon anuman ang mangyari sa iyo, mapahamak ka man o makastigo, kagagawan mo mismo ito. Ikaw ang nanumpa, kaya dapat mong tuparin ito. Kung ikaw ay nanumpa, ngunit hindi mo ito tinupad, mapapahamak ka. Yamang ikaw ang nanumpa, tutuparin ng Diyos ang iyong panunumpa. Natatakot ang ilan pagkatapos nilang manalangin, at dumaraing, “Tapos na ang lahat! Wala na ang pagkakataon ko sa kahalayan; wala na ang pagkakataon kong gumawa ng masasamang bagay; wala na ang pagkakataon kong magpakalulong sa aking mga makamundong pagnanasa!” Gustung-gusto pa rin ng mga taong ito na maging makamundo at magkasala, at tiyak na mapapahamak ang kanilang kaluluwa.

Hinango mula sa “Pineperpekto ng Diyos Yaong mga Kaayon ng Kanyang Puso” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sabihin nang may isang nagsusulat ng isang panunumpa na nangangakong pangangalagaang mabuti ang mga handog na ibinigay sa Diyos: Ano ang isusulat ng isang taong may katinuan at pagkatao? Anong uri ng tono at pananalita ang kanilang gagamitin sa pagsulat, upang makatayo sa nararapat na lugar at magpahayag ng kanilang saloobin? Hindi ito madali—malalaman ng mga taong nakakakilala sa mabuti at masama. Tingnan mo ang mga taong hindi normal: si Satanas, mga

anticristo, mga agresibong tao—mayroon silang isang uri ng tono sa kanilang pananalita. Ang unang sinasabi ni John Doe, halimbawa na, ay, “Kung ako, si John Doe, ay mag-iimbot sa isa mang kusing sa mga handog na ibinigay sa Diyos, nawa’y isumpa ako sa malagim na kamatayan—masagasaan ng kotse kapag lumabas ako ng pinto….” Anong uri ng tono ito? Nagsisimula ito sa salitang “Ako.” Ito’y napaka-malabis; ang pwersa sa likod ng kanilang tono at istilo ay nahahayag sa mga salita. Hindi ba ito malabis na panunumpa? Ano ang panunumpang gaya nito? (Ang slogan ay gaya nito.) Ito ang tinatawag na pagiging bulaan, pagiging mapagpaimbabaw. Napakamapagmalaking panunumpa—ano ang maipagmamalaki mo? Nanunumpa ka sa Diyos; magpipigil ang isang normal na tao, na tumatayo sa kanilang tumpak na katayuan at nagsasalita sa Diyos galing sa kanilang puso. Hindi sila magiging marangya at mayabang. Ano ang disposisyon ng mga taong napakamapagmataas kahit na gumagawa sila ng panunumpa? At totoo ba o bulaan ang kanilang panunumpa? Mahirap sabihin iyon. Ang ibig sabihin nila’y, “Hindi mo ba ako pinaniniwalaan? Natatakot ka bang pinagsasamantalahan ko ang tahanan ng Diyos, natatakot na nanakawin ko ang mga handog sa Diyos? Ginagamit mo ako ngunit hindi mo ako pinagkakatiwalaan, at pinasusumpa pa ako. Kung gayon, manunumpa ako—panoorin mo!” Anong saloobin ito? Ito ang pakahulugan ng pagiging mapagmataas, walang-konsyensya; nangangahas silang ngumasngas laban sa Diyos at gumamit ng panunumpa upang ikubli ang masama nilang layunin. Ito ba’y paggalang sa Diyos? Wala ni katiting na kabanalan dito. Ang mga taong ganito ay Satanas at mga anticristo; ganito ang sinasabi ng mga anticristo. Anong disposisyon ang ngumangasngas nang ganito kapag nanunumpa? Maililigtas ba ang ganitong mga tao? May nakasalamuha na ba kayong ganitong tao? Hindi ninyo mauunawaan ang mga pag-uugali, pagbuhos ng damdamin, o disposisyon ng ganitong mga tao, kaya niyo ba? Iniisip ng ilan sa inyo na ang mga taong ito’y malinaw mag-isip at matapat, na nauunawaan nila ang mga espirituwal na bagay at matapat sa Diyos. Hindi ba ito kakulangan sa pagkilala sa mabuti at masama? Kung hindi mo

nakikita ang kamalian sa gayong napakasamang pag-uugali at disposisyon na nahayag sa literal na kahulugan at sa pananalita ng kanilang panunumpa, hindi ba ibig sabihin nito na labis na kakaunti ang pagkaunawa ninyo sa katotohanan? Tila ang tanging nauunawaan ninyo ay doktrina. Habang lalong detalyado at praktikal ang isang bagay, lalong hindi ninyo makikilala kung ano talaga ito; habang ito'y nagiging higit na doktrinal, mas mabuti ninyo itong naipapahayag, na ginagamit ang lahat ng alam ninyong mga hungkag na slogan. Nakasulat na ba kayo ng ganitong panunumpa? (Oo.) Sa katunayan, walang kaibahan. Hindi katulad ng pagsugod sa laban na handang mamatay bilang isang bayani ang panunumpa; hindi hinihingi ng panunumpa ang ganitong uri ng katapangan. Mag-isip kayong mabuti kapag nanunumpa kayo sa Diyos: Kailangan mong maunawaan kung bakit mo ito isinusulat, kung kanino ka nanunumpa at nagbibigay ng garantiya. Naghahanap ang Diyos ng isang uri ng saloobin mula sa mga tao, hindi katapangan. Ang katapangan mo'y pagmamataas at pagngasngas; ito'y pagpapakita ng mapagmataas, mala-satanas na disposisyon. Hindi ito kabanalan, at hindi siyang dapat na ipakita ng isang nilalang, lalo nang hindi nito ipinapakita ang katayuan ng isang nilalang.

Hinango mula sa "Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (1)" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Sa yugtong ito ng gawain ng Diyos, sa panahon ng mga huling araw, pinahihintulutan Niyang manumpa ang mga tao. Isa itong usaping labis ang kahalagahan. Hindi ito naaarok ng ilang tao; basta na lang sila nagsaulo ng isang partikular na linya mula sa Biblia na nagsasabing ang panunumpa ay ipinagbabawal—kung kaya nagtataka sila, paanong ang mga tao ay bigla na lang pinahintulutang magawa iyon? Sadyang normal para sa mga tao ang mag-isip sa ganitong paraan. Dahil wala silang karanasan sa gawain ng Diyos, sa kabila ng pagbabasa ng Biblia sa loob ng ilang taon, hindi nga nila mauunawaan ang gawaing iyon. Ang tagubilin ng Biblia na huwag

manumpa ay tumutukoy sa hindi panunumpa ng mga sumpang walang katotohanan, sapagkat kinamumuhian ng Diyos ang gayong mga panunumpa; subalit, ang panunumpa sa harapan Niya ngayon ay batay sa katuwiran ng Diyos at isang pagpapahayag ng ating paninindigan. Isa rin itong motibasyon para sa atin upang pumanig sa katarungan. Ang ganitong uri ng panunumpa ay makabuluhan, at maaaring magkaroon ng positibong epekto sa ating pagsasagawa ng katotohanan upang matugunan ang kasiyahan ng Diyos, at ito ay ganap na nakaayon sa Kanyang kalooban. Ang mga tao ay may mga tiwaling disposisyon at maaaring mapigilan ng laman at mahila patungo sa pagkanegatibo. Subalit, natatakot din sila na maparusahan at magdanas ng kasawian; ito ang kanilang kahinaan. Gayunpaman, ang mga epekto ng panunumpa sa gawain ng isang tao ay talagang mabuti; pagkatapos ng panunumpa, hindi na nangangahas na maging pabaya o negatibo ang isang tao. Sa halip, magagawa ng mga tao ang kanilang makakaya na hanapin ang pag-unlad upang makapagbigay ng kaluguran sa Diyos. Natatakot sila sa paggawa ng anumang hindi naaayon sa kalooban ng Diyos at anumang magbabagsak ng Kanyang kaparusahan ayon sa kanilang mga sumpa; sa gayon nga, ang panunumpa ay ang nagiging pinakamalaking puwersa sa likod ng pagsasagawa ng katotohanan ng isang tao, pagpasok sa katotohanang realidad, at pagbabago ng disposisyon. Samakatuwid, hindi mo maaaring lahatin ang tungkol sa panunumpa. Gayundin, ang mga panunumpang ginagawa ng mga tao ay maaaring hatiin sa mga positibo at mga negatibo. Ang mga positibong panunumpa ay mga positibong bagay, at maaaring magbigay ng pampalakas na epekto sa paghahabol sa katotohanan at pagkamit ng kasiyahan ng Diyos—kaya anong mawawala sa iyo? Kung ang mga tao ay may mga haka-haka tungkol sa ganitong uri ng panunumpa, nagpapakita ito na hindi bukas ang kanilang kaisipan ni kaunti. Ang tunay na hindi pagkatakot sa panunumpa ay nagpapakitang ang isang tao ay may malaking paninindigan, may pananampalataya, ay determinado, at nakapagbibigay-kaluguran sa Diyos. Lahat ng mga tao na lubhang takot na manumpa ay tamad at duwag, at walang pag-ibig para sa katotohanan at

hindi tunay na umiibig sa Diyos; sila ay matatakutin. Ang mga gayong tao ay walang matatapos at walang mga pag-asa. Ang mga tunay na nangangahas lamang na manumpa na gampanan ng maayos ang kanilang mga tungkulin at ganapin ang mga tagubilin ng Diyos, at sundin ang Kanyang kalooban, upang bigyan Siya ng kaluguran, at upang ibigin Siya ay ang mga taong may paninindigan at mga humahabol sa katotohanan. Ito ay pagsasabuhay na muli ng estilo ni Pedro; kung ang mga taong ito ay mayroon ding espiritu ng pagtitiyaga, sila ay tiyak na magtatagumpay.

Hinango mula sa Ang Pagbabahagi mula sa Itaas

16. Ang mga Prinsipyo ng Pagpupuri sa Diyos bilang Dakila

(1) Kapag sumasailalim sa paghatol at pagkastigo, kilalanin ang makatuwirang disposisyon ng Diyos, at matakot sa Kanya at layuan ang kasamaan. Sa paggawa nito, likas mong mapupuri ang Diyos bilang dakila sa iyong puso;

(2) Magpasakop at sambahin ang Diyos lamang; huwag sumamba o sumunod sa sinumang tao. Ibatay sa katotohanan ng mga salita ng Diyos ang lahat ng iyong kondukta sa buhay, at huwag sumunod sa mga makamundong kalayawan;

(3) Kinakailangang sanayin ang sarili sa katarungan at sumunod sa katotohanang prinsipyo, upang magbigay-puri at magpatotoo sa Diyos, at upang pagsikapang maingatan ang Kanyang gawain nang walang ginagawang anumang pagpapaubaya sa mga masasamang puwersa ni Satanas;

(4) Kinakailangan na hayaang maghari ang katotohanan ng salita ng Diyos sa puso ng isang tao, at patotohanan na si Cristo ang katotohanan, ang daan, at ang buhay. Saka lamang maaaring magpuri at magpatotoo ng isang tao sa Diyos.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang Diyos ang Siyang namumuno sa lahat ng bagay at nangangasiwa

sa lahat ng bagay. Nilikha Niya ang lahat ng narito, pinangangasiwaan Niya ang lahat ng narito, pinamumunuan Niya ang lahat ng narito, at tinutustusan Niya ang lahat ng narito. Ito ang katayuan ng Diyos, at ang Kanyang pagkakakilanlan. Para sa lahat ng bagay at sa lahat ng narito, ang tunay na pagkakakilanlan ng Diyos ay ang Lumikha at ang Pinuno ng lahat ng nilikha. Iyan ang pagkakakilanlan na taglay ng Diyos, at Siya ay natatangi sa lahat ng bagay. Wala ni isa sa mga nilikha ng Diyos—sa sangkatauhan man o sa espirituwal na mundo—ang maaaring gumamit ng anumang kaparaanan o katwiran para magkunwaring Diyos o pumalit sa pagkakakilanlan at katayuan ng Diyos, sapagkat Siya lamang, sa lahat ng bagay, ang nagtataglay ng pagkakakilanlan, kapangyarihan, awtoridad, at kakayahang ito na mamuno sa lahat ng nilikha: ang ating natatanging Diyos Mismo. Siya ay nabubuhay at gumagalaw sa lahat ng bagay; maaari Siyang umangat sa pinakamataas na lugar, sa ibabaw ng lahat ng bagay. Maaaring magpakumbaba Siya Mismo sa pamamagitan ng pagiging tao, pagiging isa sa mga may laman at dugo, at makaharap sa mga tao at makibahagi sa kanilang kaligayahan at kalungkutan, samantalang kasabay nito, inuutusan Niya ang lahat ng narito, at pinagpapasiyahan ang kapalaran ng lahat ng narito at kung saang direksyon patungo ang lahat ng ito. Bukod pa riyan, ginagabayan Niya ang kapalaran ng buong sangkatauhan, at pinapatnubayan ang direksyon ng sangkatauhan. Ang isang Diyos na tulad nito ay dapat sambahin, sundin, at kilalanin ng lahat ng nilalang na may buhay. Sa gayon, saanmang grupo o uri ng sangkatauhan ka nabibilang, ang paniniwala sa Diyos, pagsunod sa Diyos, pagpipitagan sa Diyos, pagtanggap sa Kanyang panuntunan, at pagtanggap sa Kanyang mga plano para sa iyong kapalaran ang tanging pagpipilian—ang kinakailangang pagpili—para sa sinumang tao at para sa anumang nilalang na may buhay.

Hinango mula sa “Ang Diyos Mismo, ang Natatangi X” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay, kaya nga ginagawa Niyang

sumailalim ang lahat ng nilikha sa Kanyang kapamahalaan at magpasakop sa Kanyang kapamahalaan; uutusan Niya ang lahat ng bagay, para lahat ng bagay ay nasa Kanyang mga kamay. Lahat ng nilikha ng Diyos, pati na ang mga hayop, halaman, sangkatauhan, kabundukan at mga ilog, at mga lawa—lahat ay kailangang sumailalim sa Kanyang kapamahalaan. Lahat ng bagay sa kalangitan at sa lupa ay kailangang sumailalim sa Kanyang kapamahalaan. Hindi sila maaaring magkaroon ng anumang pagpipilian at kailangang magpasakop ang lahat sa Kanyang mga pagsasaayos. Ito ay iniutos ng Diyos, at ito ang awtoridad ng Diyos. Inuutusan ng Diyos ang lahat, at inaayos at inihahanay ang lahat ng bagay, na bawat isa ay nakabukod ayon sa uri, at pinaglaanan ng sarili nilang posisyon, ayon sa kalooban ng Diyos. Gaano man iyon kalaki, walang anumang bagay ang makakahigit sa Diyos, lahat ng bagay ay nagsisilbi sa sangkatauhang nilikha ng Diyos, at walang anumang bagay ang nangangahas na sumuway sa Diyos o humingi ng anuman sa Diyos. Kaya ang tao, bilang isang nilalang ng Diyos, ay kailangan ding gampanan ang tungkulin ng tao. Siya man ang panginoon o tagapag-alaga ng lahat ng bagay, gaano man kataas ang katayuan ng tao sa lahat ng bagay, maliit na tao pa rin siya sa ilalim ng kapamahalaan ng Diyos, at isang tao lamang na walang kabuluhan, isang nilalang ng Diyos, at hindi mangingibabaw sa Diyos kailanman.

Hinango mula sa “Ang Tagumpay o Kabiguan ay Depende sa Landas na Tinatahak ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

1. Hindi dapat ipagmalaki ng tao ang kanyang sarili, ni itaas ang kanyang sarili. Dapat niyang sambahin at dakilain ang Diyos.

……

8. Ang mga taong nananalig sa Diyos ay dapat sumunod sa Diyos at sumamba sa Kanya. Huwag mong dakilain o tingalain ang sinumang tao; huwag mong unahin ang Diyos, ipangalawa ang mga tao na iyong tinitingala, at ipangatlo ang iyong sarili. Walang sinumang dapat magkaroon ng lugar sa iyong puso, at hindi mo dapat isaalang-alang ang

mga tao—lalo na ang iyong mga iginagalang—na kapareho ng Diyos, na Kanyang kapantay. Hindi ito katanggap-tanggap para sa Diyos.

Hinango mula sa “Ang Sampung Atas Administratibo na Dapat Sundin ng Hinirang na Bayan ng Diyos sa Kapanahunan ng Kaharian” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang grupo ng mga taong nais maangkin ng Diyos na nagkatawang-tao ngayon ay yaong mga umaayon sa Kanyang kalooban. Kailangan lamang nilang magpasakop sa Kanyang gawain, at tumigil sa patuloy na pag-aalala sa mga ideya tungkol sa Diyos sa langit, pamumuhay sa kalabuan, o pagpapahirap ng mga bagay-bagay para sa Diyos na nasa katawang-tao. Yaong mga nagagawang sumunod sa Kanya ay yaong mga talagang nakikinig sa Kanyang mga salita at nagpapasakop sa Kanyang mga plano. Ni hindi man lamang pinapansin ng gayong mga tao kung ano talaga ang maaaring hitsura ng Diyos sa langit o kung anong klaseng gawain ang maaaring kasalukuyang ginagawa ng Diyos sa langit sa sangkatauhan; ibinibigay nila nang lubusan ang kanilang puso sa Diyos sa lupa at inilalagak ang kanilang buong pagkatao sa Kanyang harapan. Hindi nila isinasaalang-alang kailanman ang kanilang sariling kaligtasan, ni hindi sila nag-aalala kailanman sa pagiging normal at praktikal ng Diyos na nasa katawang-tao. Yaong mga nagpapasakop sa Diyos na nasa katawang-tao ay maaari Niyang gawing perpekto. Yaong mga naniniwala sa Diyos sa langit ay walang mapapala. Ito ay dahil hindi ang Diyos sa langit, kundi ang Diyos sa lupa, ang nagkakaloob ng mga pangako at pagpapala sa mga tao. Hindi dapat palaging palakihin ng mga tao ang Diyos sa langit samantalang itinuturing na karaniwang tao lamang ang Diyos sa lupa; hindi ito makatarungan. Ang Diyos sa langit ay dakila at kamangha-mangha na may kagila-gilalas na karunungan, subalit ni hindi man lamang ito umiiral; ang Diyos sa lupa ay masyadong karaniwan at walang kabuluhan, at napaka-normal din. Wala Siyang di-pangkaraniwang isipan o hindi Siya nagsasagawa ng mga kilos na nakakagulat; gumagawa lamang Siya at nagsasalita sa isang napaka-normal at praktikal na paraan. Kahit hindi Siya nagsasalita sa pamamagitan ng kulog o nagpapatawag ng hangin at ulan,

Siya talaga ang pagkakatawang-tao ng Diyos sa langit, at Siya talaga ang Diyos na namumuhay sa piling ng mga tao. Hindi dapat palakihin ng mga tao ang isang taong nagagawa nilang unawain at tumutugma sa kanilang sariling mga imahinasyon bilang Diyos, samantalang nakikita ang isang taong hindi nila matanggap at tiyak na hindi nila maisip na aba. Lahat ng ito ay nagmumula sa pagkasuwail ng mga tao; ito ang lahat ng pinagmumulan ng paglaban ng sangkatauhan sa Diyos.

Hinango mula sa "Yaong mga Tunay na Nagmamahal sa Diyos ay Yaong mga Talagang Nagpapasakop sa Kanyang Pagiging Praktikal" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

"Datapuwa't sinasabi Ko sa inyo, na dito ay may isang lalong dakila kaysa sa templo. Datapuwa't kung nalalaman ninyo kung ano ang kahulugan nito, habag ang ibig Ko, at hindi hain, ay hindi sana ninyo hinatulan ang mga walang kasalanan. Sapagka't ang Anak ng tao ay Panginoon ng sabbath" (Mateo 12:6–8). Ano ang tinutukoy ng salitang "templo" rito? Sa madaling salita, tumutukoy ito sa isang kamangha-manghang, mataas na gusali, at sa Kapanahunan ng Kautusan, ang templo ay lugar para sa mga saserdote upang sambahin ang Diyos. Nang sinabi ng Panginoong Jesus na "dito ay may isang lalong dakila kaysa sa templo," sino ang tinutukoy na "isa"? Maliwanag, ang "isa" ay ang Panginoong Jesus sa katawang-tao, sapagka't tanging Siya ang mas dakila kaysa sa templo. Ano ang sinasabi ng mga salitang iyon sa mga tao? Sinasabi ng mga ito sa mga tao na lumabas sila sa templo—iniwan na ng Diyos ang templo at hindi na gumagawa sa loob nito, kaya dapat hanapin ng mga tao ang mga yapak ng Diyos sa labas ng templo at sundan ang Kanyang mga hakbang sa Kanyang bagong gawain. Nang sabihin ito ng Panginoong Jesus, may saligan sa likod ng Kanyang mga salita, na sa ilalim ng kautusan, itinuturing ng mga tao ang templo bilang isang bagay na higit na dakila kaysa sa Diyos Mismo. Ibig sabihin, sinamba ng mga tao ang templo sa halip na sambahin ang Diyos, kaya binalaan sila ng Panginoong Jesus na huwag sambahin ang mga idolo, bagkus sa halip ay sambahin ang Diyos, sapagka't Siya ang kataas-taasan. Kaya, sinabi

Niya: “Habag ang ibig Ko, at hindi hain.” Maliwanag na sa mga mata ng Panginoong Jesus, hindi na sumasamba kay Jehova ang karamihan sa mga tao na namumuhay sa ilalim ng kautusan, bagkus ay basta na lamang ginagawa ang pagsasakripisyo, at tinukoy ng Panginoong Jesus na ito ay ibinilang na pagsamba sa idolo. Itinuring ng mga sumasambang ito sa idolo ang templo bilang isang bagay na mas dakila at mas mataas kaysa sa Diyos. Tanging ang templo ang nasa kanilang mga puso, hindi ang Diyos, at kung mawala sa kanila ang templo, mawawala sa kanila ang kanilang tahanang dako. Kung wala ang templo ay wala silang ibang mapagsasambahan at hindi maisasagawa ang kanilang mga pagsasakripisyo. Ang kanilang tinatawag na “tahanang dako” ay kung saan ginamit nila ang pagkukunwari ng pagsamba sa Diyos na si Jehova upang makapanatili sa templo at maisagawa ang sarili nilang mga gawain. Ang kanilang tinatawag na “pagsasakripisyo” ay walang iba kundi ang pagsasagawa nila ng kanilang sariling personal na kahiya-hiyang mga pakikitungo sa ilalim ng balatkayo ng pagsasagawa ng kanilang serbisyo sa templo. Ito ang dahilan kung bakit itinuring ng mga tao sa panahong iyon ang templo bilang higit na dakila kaysa sa Diyos. Sinabi ng Panginoong Jesus ang mga salitang ito bilang babala sa mga tao, sapagka’t ginagamit nila ang templo bilang isang balatkayo, at ang mga sakripisyo bilang isang panakip para sa pandaraya sa mga tao at pandaraya sa Diyos. Kung gamitin ang mga salitang ito sa kasalukuyan, gayon pa rin kabisa at gayon pa rin nauukol ang mga ito. Bagaman naranasan na ng mga tao ngayon ang gawain ng Diyos na iba kaysa sa naranasan ng mga tao sa Kapanahunan ng Kautusan, magkatulad ang kalikasang diwa ng mga ito. Sa konteksto ng gawain ngayon, gagawin pa rin ng mga tao ang kaparehong uri ng mga bagay gaya ng kinakatawan ng mga salitang “higit na dakila ang templo kaysa sa Diyos.” Halimbawa, itinuturing ng mga tao ang pagtupad ng kanilang tungkulin bilang kanilang trabaho; itinuturing nila ang pagpapatotoo sa Diyos at ang pakikipaglaban sa malaking pulang dragon bilang mga pagkilos na pulitikal sa pagtatanggol sa mga karapatang pantao, para sa demokrasya at kalayaan;

ginagawa nilang karera ang kanilang tungkulin na gamitin ang kanilang mga kakayahan, nguni't itinuturing nila ang pagkatakot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan bilang isang piraso lang ng relihiyosong doktrina na susundin; at iba pa. Hindi ba sadyang katulad ang mga gawing ito ng "higit na dakila ang templo kaysa sa Diyos"? Ang pinagkaiba, dalawang libong taon na ang nakaraan, isinasagawa ng mga tao ang kanilang personal na gawain sa pisikal na templo, nguni't ngayon, isinasagawa ng mga tao ang kanilang personal na gawain sa mga di-nahahawakang mga templo. Ang mga taong nagpapahalaga sa mga patakaran ay itinuturing ang mga patakaran na higit na dakila kaysa sa Diyos, ang mga taong umiibig sa katayuan ay itinuturing ang katayuan na higit na dakila kaysa sa Diyos, ang mga umiibig sa kanilang karera ay itinuturing ang kanilang karera na higit na dakila kaysa sa Diyos, at iba pa—ang lahat ng kanilang mga pagpapahayag ang nag-udyok sa Akin upang sabihing: "Pinupuri ng mga tao ang Diyos bilang pinakadakila sa pamamagitan ng kanilang mga salita, nguni't sa kanilang mga mata ang lahat ng bagay ay higit na dakila kaysa sa Diyos." Ito ay dahil sa sandaling makakita ng pagkakataon ang mga tao sa kanilang daan ng pagsunod sa Diyos upang maitanghal ang sarili nilang mga talento, o upang maisagawa ang sarili nilang gawain o sarili nilang karera, inilalayo nila ang kanilang mga sarili mula sa Diyos at inilalagak ang kanilang mga sarili sa minamahal nilang karera. At tungkol naman sa ipinagkatiwala sa kanila ng Diyos, at sa Kanyang kalooban, matagal nang naitapon ang mga bagay na iyon. Anong pinagkaiba ng katayuan ng mga taong ito at yaong nagsagawa ng kanilang sariling gawain sa loob ng templo dalawang libong taon na ang nakararaan?

Hinango mula sa "Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo III" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang Diyos ay palaging nasa puso ng mga taong tunay na naniniwala sa Kanya, at palagi silang may pusong nagpipitagan sa Diyos, isang pusong nagmamahal sa Diyos. Dapat gawin ng mga naniniwala sa Diyos ang mga bagay-bagay nang maingat at masinop, at lahat ng ginagawa nila

ay dapat maging alinsunod sa mga kinakailangan ng Diyos at makalugod sa Kanyang puso. Hindi dapat maging matigas ang kanilang ulo, na ginagawa ang anumang gusto nila; hindi iyan nababagay sa banal na kaangkupan. Hindi dapat magwala ang mga tao, na iwinawagayway ang bandila ng Diyos kung saan-saan habang nagyayabang at nanggagantso kahit saan; ito ang pinakasuwail na uri ng pag-uugali. May mga panuntunan ang mga pamilya, at may mga batas ang mga bansa—hindi ba lalo na sa tahanan ng Diyos? Hindi ba mas mahigpit pa ang mga pamantayan? Hindi ba mas marami pang atas administratibo? Ang mga tao ay malayang gawin ang gusto nila, ngunit ang mga atas administratibo ng Diyos ay hindi maaaring baguhin kung kailan gustuhin. Ang Diyos ay isang Diyos na hindi nagpaparaya sa kasalanan ng mga tao; Siya ay isang Diyos na pumapatay ng mga tao. Hindi pa ba ito alam talaga ng mga tao?

Hinango mula sa “Isang Babala sa mga Hindi Nagsasagawa ng Katotohanan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa paniniwala sa Diyos, kailangan mong ilagay sa wastong kaayusan ang iyong mga layunin at pananaw; kailangan kang magkaroon ng tamang pagkaunawa at tamang pagtrato sa mga salita ng Diyos at sa gawain ng Diyos, sa lahat ng sitwasyong isinasaayos ng Diyos, sa taong pinatototohanan ng Diyos, at sa praktikal na Diyos. Hindi ka dapat magsagawa ayon sa sarili mong mga ideya o magplano ng sarili mong mga hamak na pakana. Anuman ang gawin mo, kailangan mong magawang hangarin ang katotohanan at, sa iyong posisyon bilang isang nilikha, magpasakop sa buong gawain ng Diyos. Kung gusto mong patuloy na sikapin na magawang perpekto ng Diyos at makapasok sa tamang landas ng buhay, kailangang mabuhay palagi ang puso mo sa presensya ng Diyos. Huwag magpakasama, huwag sundan si Satanas, huwag bigyan si Satanas ng anumang mga pagkakataong isagawa ang gawain nito, at huwag hayaang kasangkapanin ka ni Satanas. Kailangan mong ibigay nang lubusan ang sarili mo sa Diyos at hayaang pamahalaan ka ng Diyos.

Hinango mula sa “Kumusta ang Kaugnayan Mo sa Diyos?” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa

Sa pamamagitan ng mga taong nagagawang malaman na ang Diyos ang katotohanan, na nagagawang tanggapin Siya bilang kanilang Panginoon, at na nakikita na Siya ang Naghahari sa lahat ng bagay, paano ba ipinapahayag ng gayong mga tao ang kanilang mga sarili? Ano ba ang isinasagawa nila, anong mga kalagayan ba ang mayroon sila, at ano ba ang isinasabuhay nila? (Hinahanap nila ang katotohanan sa lahat ng bagay.) Isang aspekto iyon. (Nagpapasakop sila sa lahat ng kalagayan sa paligid, tao, usapin at mga bagay na itinakda ng Diyos, natututo mula sa kanila at nagtatamo ng katotohanan.) (Hindi sila nangangahas na gumawa ng anumang bagay na sumasalungat o ipagkakasala nila sa Diyos.) Ang mga ito rin ay mga paraan ng pagpapahayag nila sa kanilang sarili. Ang pangunahing bagay ay kapag may nangyayari sa kanila, nauunawan man nila o hindi ang katotohanan, mayroon silang unang-una sa lahat na pagpipitagan sa Diyos; hindi sila pabugso-bugsong kumilos, ni hindi nila pinasasama ang loob Niya. Nakikita ng iba na hindi sila pabugso-bugsong magsalita, na mahinahon at napag-isipang mabuti ang kanilang mga kilos sa halip na mapusok at pasaway, na lubos silang payapa, na matiyaga sila, na nakikipag-usap sila sa Diyos sa kanilang mga puso, at na hinahanap, nagpapasakop at pinipitagan nila ang Diyos. Kumukonekta at umuugnay sa mga salita ng Diyos ang mga taong isinasabuhay ang mga bagay na ito anuman ang mangyari sa kanila, at nagiging normal ang kanilang kaugnayan sa Kanya. Ang ilang mga tao—yaong wala sa kanilang puso ang Diyos—ay walang kakayahang isabuhay ang mga realidad na ito, kaya tiyak na mapagmataas, pasaway at hindi mapigil ang kanilang mga disposisyon. Ginugugol nila ang buong araw na nagtatawanan at nagbibiruan, hindi nila pinagsisikapang tuparin ang kanilang mga tungkulin, sinasabi nila ang anumang pumasok sa kanilang mga isipan, walang-ingat at mapusok sila sa lahat ng bagay na kanilang gawin, kapos sila sa anumang diwa ng kahinahunan, at lahat ng kanilang sabihin at gawin ay pananadyang pagpapakita ng kanilang mga pangil at pag-aamba ng

kanilang mga matutulis na kuko. Masasabi mo sa unang tingin pa lamang na katulad sila ng mga di-mananampalataya. Ang mga bagay na ito ba ang dapat mahayag at mabunyag sa sinumang namumuhay sa harapan ng Diyos? Ano ang kalagayan ng mga taong nagpapakita ng gaong mga bagay? Nasa puso ba nila ang Diyos? Lubusan silang nakatitiyak na hindi nga. Ang gayong mga tao ay sinumpa at kinasusuklaman ng Diyos.

Hinango mula sa “Tanging Kapag Namumuhay Ka sa Harapan ng Diyos sa Lahat ng Sandali Makalalakad Ka sa Landas ng Kaligtasan” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kapag nagsimula ang isang taong makilala na siya ay isang bagay na nilikha, bubuo ang taong iyon ng mga pag-asang maging isang tunay na nilalang na nilikha upang bigyang-kasiyahan ang Diyos. Kasabay nito, tatanggapin din ng gayong mga tao ang Diyos bilang Panginoon nila at hahangaring masunod ang lahat ng mga hinihingi ng Diyos, pati na rin ang Kanyang panuntunan. Samakatuwid ay titigil sila sa pagkilos nang walang pakundangan, at hahanapin ang mga intensyon ng Diyos at hahanapin ang mga prinsipyo ng katotohanan sa lahat ng kanilang ginagawa. Hindi na nila basta gagawin ang anumang nais nila o gawin ang mga bagay ayon sa kanilang sariling mga plano. Sa halip na umasa sa kanilang sariling mga ideya, magsisimula sila na palaging nasa kanilang mga saloobin ang Diyos, at ang kanilang pansariling nais ay bigyang-kasiyahan ang Diyos sa lahat ng aspekto, sumunod sa katotohanan at tugunan ang mga hinihingi ng Diyos sa kanilang mga kilos. Ang mga taong nasa gayong kalagayan ay walang alinlangang nagsimula nang matutong maghanap ng katotohanan, isagawa ang katotohanan, at pumasok sa katotohanang realidad. Kung ikaw ay nasa gayong kalagayan at kayang simulang matuto kung paano gawin ang mga bagay na ito, hindi na kailangang sabihin pang natural na sisimulan mong matutuhan kung paano hanapin ang kalooban ng Diyos, at magsisimulang hanapin kung paano hindi ilagay sa kahihiyan ang ngalan ng Diyos, kung paano dakilain ang Diyos, kung paano matakot sa Diyos, at kung paano bigyang-kasiyahan ang Diyos, sa halip na bigyang-kasiyahan ang iyong sarili o bigyang-kasiyahan ang iba, lalo na ang subuking

bigyang-kasiyahan ang iyong makasariling mga pagnanasa. Kapag pumapasok ang mga tao sa ganitong uri ng kalagayan, at nagsimula nang magkaroon ng gayong kalagayan, hindi na aakayin ng tiwali nilang disposisyon at tiwaling kalikasan ang kanilang paraan ng pag-iisip, at hindi na kokontrolin o iimpluwensiyahan ang kanilang mga saloobin at mga ideya. Hindi na sila magagawang kontrolin ng tiwali nilang disposisyon at tiwaling kalikasan. Sa sandaling nasa ganitong kalagayan ka na, magiging para sa positibong mga bagay ang iyong pansariling mga pagnanasa, at magagawa mong maintindihan kung paano kumilos upang maiwasang maibunyag ang iyong katiwalian, at kung paano maiiwasang kumilos sa isang di-makatuwirang paraan at gumawa ng makasarili at kasuklam-suklam na mga bagay. Sa ganitong paraan, kahit na taglayin mo pa rin ang isang tiwaling disposisyon, hindi na nito magagawang pangibabawan ang lahat sa iyo at hindi na nito magagawang kontrolin ka. Kung gayo'y hindi ka ba mamumuhay na pinamamahalaan ng katotohanan sa loob mo?

Hinango mula sa "Ang Limang Kinakailangang Kalagayan Upang Mapunta sa Tamang Landas ng Pananampalataya ng Isang Tao" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kahit na hindi pa kailanman nakikita ni Job ang Diyos o naririnig ang mga salita ng Diyos sa kanyang sariling mga tainga, ang Diyos ay may lugar sa puso ni Job. Ano ang saloobin ni Job sa Diyos? Ito ay, tulad ng tinukoy natin dati, "purihin ang pangalan ni Jehova." Ang kanyang pagpapala sa pangalan ng Diyos ay walang kondisyon, walang kinalaman sa konteksto, at hindi nakatali sa anumang dahilan. Nakikita natin na ibinigay ni Job ang kanyang puso sa Diyos, pinahintulutan niya na pamahalaan ito ng Diyos; lahat ng inisip niya, lahat ng pagpapasya niya, at lahat ng binalak niya sa kanyang puso ay inilatag sa Diyos at hindi itinago mula sa Diyos. Ang kanyang puso ay hindi sumalungat sa Diyos, at hindi niya kailanman hiningi sa Diyos na gawin ang kahit na ano para sa kanya o ibigay ang anumang bagay, at hindi siya nagtanim ng mga marangyang hangarin na may makukuha siyang anumang bagay mula sa kanyang pagsamba sa Diyos. Si Job ay hindi nakipagpalitan sa Diyos, at hindi

humiling o humingi sa Diyos. Ang kanyang pagpupuri sa pangalan ng Diyos ay dahil sa dakilang kapangyarihan at awtoridad ng Diyos sa pamumuno sa lahat ng bagay, at hindi nakasalalay sa kung siya ay nagkamit ng pagpapala o nakaranas ng kalamidad. Naniwala siya na kung magbibigay man ng pagpapala ang Diyos sa mga tao o kaya ay magdudulot ng kapahamakan sa kanila, ang kapangyarihan at awtoridad ng Diyos ay hindi magbabago, at dahil dito, anuman ang kalagayan ng isang tao, ang pangalan ng Diyos ay dapat na purihin. Dahil sa dakilang kapangyarihan ng Diyos, pinagpala ang tao, at kapag dumating ang sakuna sa tao, ito ay dahil din sa dakilang kapangyarihan ng Diyos. Ang kapangyarihan at awtoridad ng Diyos ay namamahala at nagsasaayos ng lahat tungkol sa tao; ang pabago-bagong kapalaran ng tao ay pagpapahayag ng kapangyarihan at awtoridad ng Diyos, at kung anuman ang pananaw ng tao, ang pangalan ng Diyos ay dapat na papurihan. Ito ang naranasan at nalaman ni Job sa mga taon ng kanyang buhay. Ang lahat ng mga inisip at ikinilos ni Job ay umabot sa mga tainga ng Diyos, at dumating sa harap ng Diyos, at itinuring na mahalaga ng Diyos. Itinangi ng Diyos ang kaalamang ito ni Job, at pinahalagahan Niya si Job sa pagkakaroon ng ganitong puso. Ang pusong ito ay palaging naghihintay sa utos ng Diyos, at sa lahat ng lugar, at kahit ano pa ang oras o lugar, tinanggap nito ang anumang dumating sa kanya. Walang hiniling si Job sa Diyos. Ang hiningi niya sa sarili niya ay ang maghintay, tumanggap, humarap at sumunod sa lahat ng pagsasaayos na nanggaling sa Diyos; naniwala si Job na ito ang kanyang tungkulin, at ito mismo ang nais ng Diyos. Hindi kailanman nakita ni Job ang Diyos, at hindi rin niya narinig ang Diyos na nagsalita ng anumang salita, nagbigay ng anumang utos, nagbigay ng anumang aral, o nagbigay ng tagubilin sa kanya tungkol sa kahit na ano. Sa kasalukuyang pananalita, upang magtaglay siya ng ganoong kaalaman at saloobin sa Diyos kahit na ang Diyos ay walang naibigay sa kanya na kaliwanagan, patnubay, o anumang kaloob patungkol sa katotohanan—ito ay mahalaga, at ang pagpapakita niya ng mga ganitong bagay ay sapat na para sa Diyos, at ang kanyang patotoo ay

pinuri at itinangi ng Diyos. Hindi kailanman nakita ni Job ang Diyos o kaya ay narinig Siya na personal na nagbigay ng anumang aral sa kanya, ngunit sa Diyos, ang kanyang puso at siya mismo ay higit na mas mahalaga kaysa sa mga tao, na nasa harap ng Diyos, ay kaya lamang magsalita ng malalalim na teorya, na kaya lamang magmalaki, at magsalita tungkol sa pag-aalay ng mga handog, ngunit hindi kailanman nagkaroon ng tunay na kaalaman tungkol sa Diyos, at hindi kailanman tunay na natakot sa Diyos. Dahil ang puso ni Job ay dalisay, at hindi lingid sa Diyos, at ang kanyang pagkatao ay tapat at mabait, at mahal niya ang katarungan at ang lahat ng positibo. Tanging ang tao na kagaya nito na may taglay na ganitong uri ng puso at pagkatao ang nakasunod sa daan ng Diyos, at kayang magkaroon ng takot sa Diyos at lumayo sa kasamaan. Ang ganitong tao ay maaaring makakita sa dakilang kapangyarihan ng Diyos, maaaring makakita sa Kanyang awtoridad at kapangyarihan, at nagawang makamit ang pagsunod sa Kanyang dakilang kapangyarihan at mga pagsasaayos. Tanging ang taong ganito lamang ang maaaring tunay na makapagbigay ng papuri sa pangalan ng Diyos. Ito ay dahil sa hindi siya tumingin kung siya man ay pagpapalain ng Diyos o padadalhan ng kapahamakan, dahil alam niya na ang lahat ay pinamamahalaan ng kamay ng Diyos, at para sa tao, ang pag-aalala ay isang tanda ng kahangalan, kamangmangan, at kawalan sa katwiran, ng pag-aalinlangan sa katotohanan na ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat ng bagay, at ng kawalan ng takot sa Diyos. Ang kaalaman ni Job ang siya mismong ninais ng Diyos.

Hinango mula sa “Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo II” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Bagama’t ang mga kasanayan at kakayahan ni Satanas ay mas matindi kaysa roon sa tao, bagama’t makakagawa ito ng maraming bagay na hindi kayang maabot ng tao, kung iyo mang kinaiinggitan o hinahangad ang ginagawa ni Satanas, kung iyo mang kinamumuhian o kinasusuklaman ang mga bagay na ito, kung may kakayahan ka man o wala na makita ang mga iyon, at gaano man kalaki ang kayang maisakatuparan ni Satanas, o

kung gaano man karaming tao ang malilinlang nito na sambahin ito at ilagay ito sa dambana, at kung paano mo man ito bigyang-kahulugan, hindi mo maaaring sabihin na ito'y mayroong awtoridad at kapangyarihan ng Diyos. Kailangan mong malaman na ang Diyos ay Diyos, may nag-iisang Diyos lamang, at higit pa rito, kailangan mong malaman na Diyos lamang ang may awtoridad, na ang Diyos lamang ang may kapangyarihan na kontrolin at pamunuan ang lahat ng bagay. Dahil lamang sa may kakayahan si Satanas na manlinlang ng mga tao at may kakayahang gayahin ang Diyos, gayahin ang mga tanda at mga himala na ginawa ng Diyos, at nakagawa na ng mga parehong bagay gaya ng Diyos, nagkakamali ka sa paniniwala na hindi natatangi ang Diyos, na maraming Diyos, na ang iba't ibang Diyos na ito ay mayroon lamang mas matindi o mas maliit na kakayahan, at mayroong mga pagkakaiba sa lawak ng kapangyarihan na kanilang hawak. Pinagsusunud-sunod mo ang kanilang kadakilaan ayon sa kanilang pagdating at ayon sa kanilang edad, at nagkakamali ka sa paniniwala na may iba pang mga diyos bukod sa Diyos, at iniisip na ang kapangyarihan at awtoridad ng Diyos ay hindi natatangi. Kung mayroon kang gayong mga ideya, kung hindi mo kinikilala ang pagiging natatangi ng Diyos, kung hindi ka naniniwala na tanging ang Diyos ang nagtataglay ng awtoridad, at kung sumusunod ka lamang sa politeismo, kung gayon sinasabi Ko na ikaw ang dumi ng mga nilalang, ikaw ang tunay na pagsasakatawan ni Satanas, at lubos na ikaw ay masamang tao! Naiintindihan ba ninyo kung ano ang sinusubukan Kong ituro sa inyo sa pamamagitan ng pagsasabi ng mga salitang ito? Kahit ano pa ang panahon, lugar, o iyong pinagmulan, hindi ka dapat malito sa pagitan ng Diyos at ng anumang iba pang tao, bagay, o layon. Kung sa pakiramdam mo man ay hindi kayang makilala at hindi malapitan ang awtoridad ng Diyos at ang diwa ng Diyos Mismo, kahit gaano pa umaayon sa iyong haka-haka at imahinasyon ang mga gawa at salita ni Satanas, kahit gaano pa nagbibigay-kasiyahan ang mga iyon sa iyo, huwag maging hangal, huwag malito sa mga konseptong ito, huwag itanggi ang pag-iral ng Diyos, huwag itanggi ang pagkakakilanlan at katayuan ng Diyos, huwag

itulak ang Diyos sa labas ng pinto at ipasok si Satanas para palitan ang Diyos sa loob ng iyong puso at gawing Diyos mo. Wala Akong alinlangan na kaya ninyong isipin ang mga kalalabasan ng paggawa nito!

Hinango mula sa “Ang Diyos Mismo, ang Natatangi I” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

17. Ang mga Prinsipyo ng Pagkakaroon ng takot sa Diyos at Paglayo sa Kasamaan

(1) Tanggapin ang masusing pagsisiyasat ng Diyos sa lahat ng pagkakataon. Sa lahat ng bagay, magmuni-muni sa iyong sarili sa pagsaalang-alang ng Kanyang mga salita, unawain ang bawat salita at kilos mo, at manalangin nang madalas sa Diyos, na nagpapakatotoo ang iyong puso;

(2) Kinakailangang ibatay sa mga salita ng Diyos ang pagtuturing mo sa lahat ng tao, pangyayari, at bagay. Huwag hayaan ang mga kuro-kuro o imahinasyon ang gumabay sa iyong mga kilos; magawang hanapin ang katotohanan sa lahat ng bagay, at makarating kung saan makakikilos ka nang ayon sa mga prinsipyo;

(3) Dapat magpasakop ang isang tao sa Diyos sa kabila ng kung paano Niya hinahaulan, sinusubok, at dinadalisay sila, at kung nauunawaan ba nila ito o hindi. Kung sakali mang bumabangon ang mga kuro-kuro, dapat silang magmadaling hanapin ang katotohanan;

(4) Kinakailangan na maunawaan ang mga administratibong atas at kautusan ng Diyos, at totohanang makilala ang Kanyang disposisyon at magkaroon ng pagpipitagan sa Kanya. Saka lamang makaiiwas ang isang tao na magkasala sa Kanya.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ano ang magkaroon ng takot sa Diyos? At paano maiiwasan ng isang tao ang kasamaan?

Ang “magkaroon ng takot sa Diyos” ay hindi nangangahulugan ng di-maipaliwanag na sindak at takot, ni hindi ng paglayo, ni hindi ng

pagpapalayo, ni hindi rin ito pag-iidolo o pamahiin. Sa halip, ito ay paghanga, paggalang, pagtitiwala, pag-unawa, pagmamalasakit, pagsunod, pagtatalaga, pagmamahal, at walang-kundisyon at walang-reklamong pagsamba, pagbabayad-utang, at pagpapasakop. Kung walang tunay na kaalaman tungkol sa Diyos, hindi magkakaroon ng tunay na paghanga, tunay na pagtitiwala, tunay na pag-unawa, tunay na pagmamalasakit o pagsunod ang sangkatauhan, kundi ng takot lamang at pagkabalisa, pagdududa, di-pagkakaunawaan, paglayo, at pag-iwas; kung walang tunay na kaalaman tungkol sa Diyos, hindi tunay na makakapagtalaga at makakapagbayad-utang ang sangkatauhan; kung walang tunay na kaalaman tungkol sa Diyos, hindi magkakaroon ng tunay na pagsamba at pagpapasakop ang sangkatauhan, kundi ng bulag na pag-iidolo at pamahiin lamang; kung walang tunay na kaalaman tungkol sa Diyos, hindi posibleng makakilos ang sangkatauhan alinsunod sa daan ng Diyos, o magkakaroon ng takot sa Diyos, o iiwas sa kasamaan. Bagkus, bawat aktibidad at pag-uugali ng tao ay mapupuno ng paghihimagsik at pagsuway, ng mapanirang mga pahiwatig at mapanirang-puring mga paghusga tungkol sa Kanya, at ng masamang asal na taliwas sa katotohanan at sa tunay na kahulugan ng mga salita ng Diyos.

Kapag nagkaroon na ng tunay na pagtitiwala sa Diyos ang sangkatauhan, magiging tunay na ang kanilang pagsunod sa Kanya at pag-asa sa Kanya; sa tunay na pagtitiwala at pag-asa sa Diyos lamang maaaring magkaroon ng tunay na pagkaunawa at pagkaintindi ang sangkatauhan; kasama ng tunay na pagkaintindi sa Diyos ang tunay na pagmamalasakit sa Kanya; sa tunay na pagmamalasakit lamang sa Diyos maaaring tunay na sumunod ang sangkatauhan; sa tunay na pagsunod lamang sa Diyos magkakaroon ng tunay na pagtatalaga ang sangkatauhan; sa tunay na pagtatalaga lamang sa Diyos maaaring magbayad-utang ang sangkatauhan nang walang kundisyon at walang reklamo; sa tunay na pagtitiwala at pag-asa, tunay na pag-unawa at pagmamalasakit, tunay na pagsunod, tunay na pagtatalaga at pagbabayad-utang lamang tunay na malalaman ng sangkatauhan ang

disposisyon at diwa ng Diyos, at malalaman ang identidad ng Lumikha; kapag tunay na nilang nakilala ang Lumikha, saka lamang magigising sa kalooban ng sangkatauhan ang tunay na pagsamba at pagpapasakop; kapag may tunay na silang pagsamba at pagpapasakop sa Lumikha, saka lamang magagawang isantabi ng sangkatauhan ang kanilang masasamang gawi, ibig sabihin, maiwasan ang kasamaan.

Ito ang buong proseso ng "pagkakaroon ng takot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan," at ito rin ang buong nilalaman ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan. Ito ang daan na kailangang bagtasin upang magkaroon ng takot sa Diyos at makaiwas sa kasamaan.

Hinango mula sa "Pagkilala sa Diyos ang Landas tungo sa Pagkakaroon ng Takot sa Diyos at Pag-iwas sa Kasamaan" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Una sa lahat, alam natin na ang disposisyon ng Diyos ay kamahalan at poot; hindi Siya isang tupa na kakatayin ninuman, lalong hindi Siya isang tau-tauhang kokontrolin ng mga tao kahit paano nila gusto. Hindi rin Siya isang hungkag na uutus-utusan. Kung talagang naniniwala ka na mayroong Diyos, dapat ay mayroon kang pusong may takot sa Diyos, at dapat mong malaman na ang Kanyang diwa ay hindi maaaring galitin. Ang galit na ito ay maaaring idulot ng isang salita, o marahil ay ng isang ideya, o marahil ay ng isang uri ng nakasusuklam na ugali, o marahil ay kahit ng banayad na ugali—ugaling uubra sa mga mata at moralidad ng mga tao; o, marahil ay inudyok ito ng isang doktrina o isang teorya. Gayunman, kapag napagalit mo na ang Diyos, nawawala ang iyong pagkakataon, at dumating na ang katapusan ng mga araw mo. Grabeng bagay ito! Kung hindi mo maunawaan na hindi dapat magkasala sa Diyos, hindi ka siguro takot sa Kanya, at marahil ay palagi kang nagkakasala sa Kanya. Kung hindi mo alam kung paano matakot sa Diyos, hindi ka natatakot sa Diyos, at hindi mo malalaman kung paano tumahak sa landas ng paglakad sa daan ng Diyos—na may takot sa Diyos at umiiwas sa kasamaan. Kapag nagkaroon ka na ng kamalayan, at alam mo na hindi dapat magkasala sa Diyos, malalaman mo kung ano ang magkaroon ng takot sa Diyos at umiwas sa

kasamaan.

Hinango mula sa “Paano Malalaman ang Disposisyon ng Diyos at ang mga Resultang Makakamtan ng Kanyang Gawain” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Bagama’t may elemento ng pagmamahal ang diwa ng Diyos, at maawain Siya sa bawat isang tao, nakaligtaan at nalimutan ng mga tao ang katotohanan na may dignidad din ang Kanyang diwa. Hindi komo may pagmamahal Siya ay maaari na Siyang saktan nang buong laya ng mga tao, nang walang pinupukaw na damdamin o reaksyon sa Kanya, ni hindi nangangahulugan na komo may awa Siya ay wala na Siyang mga prinsipyo sa pagtrato Niya sa mga tao. Ang Diyos ay buhay; Siya ay tunay na umiiral. Hindi Siya isang kathang-isip na tau-tauhan ni anupamang ibang bagay. Dahil Siya ay umiiral, dapat tayong makinig na mabuti sa tinig ng Kanyang puso sa lahat ng oras, pansinin nating mabuti ang Kanyang saloobin, at unawain natin ang Kanyang damdamin. Hindi natin dapat gamitin ang mga imahinasyon ng tao para tukuyin ang Diyos, ni hindi natin dapat igiit ang mga iniisip o ninanasa ng tao sa Kanya, na nagiging sanhi upang tratuhin ng Diyos ang mga tao sa paraan ng tao batay sa mga imahinasyon ng tao. Kung gagawin mo ito, gagalitin mo ang Diyos, bubuyuhin mo Siyang mapoot, at hahamunin mo ang Kanyang dignidad! Sa gayon, kapag naunawaan na ninyo ang katindihan ng bagay na ito, hinihimok Ko ang bawat isa sa inyo na maging maingat at mahinahon sa inyong mga kilos. Maging maingat at mahinahon din sa inyong pananalita—patungkol sa pagtrato ninyo sa Diyos, mas maingat at mahinahon kayo, mas magaling! Kapag hindi mo nauunawaan ang saloobin ng Diyos, iwasang magsalita nang walang-ingat, huwag magpadalus-dalos sa iyong mga kilos, at huwag basta-basta magbansag. Ang mas mahalaga pa, huwag magsalita nang patapos na walang batayan. Sa halip, dapat kang maghintay at maghanap; ang mga kilos na ito ay pagpapahayag din ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan.

Hinango mula sa “Paano Malalaman ang Disposisyon ng Diyos at ang mga Resultang

Makakamtan ng Kanyang Gawain" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang Diyos ay isang buhay na Diyos, at tulad ng mga tao na magkakaiba ang kilos sa iba't ibang sitwasyon, nag-iiba ang Kanyang saloobin sa mga pag-uugaling ito dahil hindi Siya isang tau-tauhan ni hindi Siya hungkag. Ang pag-alam sa saloobin ng Diyos ay isang mahalagang hangarin para sa sangkatauhan. Dapat malaman ng mga tao, sa pamamagitan ng pag-alam sa saloobin ng Diyos, kung paano sila unti-unting magtatamo ng kaalaman tungkol sa disposisyon ng Diyos at mauunawaan ang Kanyang puso. Kapag unti-unti mong naunawaan ang puso ng Diyos, hindi mo madarama na mahirap magkaroon ng takot sa Diyos at umiwas sa kasamaan. Bukod pa riyan, kapag nauunawaan mo ang Diyos, malamang ay hindi ka gagawa ng mga konklusyon tungkol sa Kanya. Kapag tumigil ka na sa paggawa ng mga konklusyon tungkol sa Diyos, mas malamang na hindi ka magkasala sa Kanya, at hindi mo mamamalayan, gagabayan ka ng Diyos na magtamo ng kaalaman tungkol sa Kanya; pupuspusin nito ang puso mo ng pagpipitagan sa Kanya. Sa gayon ay titigil ka sa pagtukoy sa Diyos sa pamamagitan ng mga doktrina, titik, at teoryang saulado mo na. Sa halip, sa pamamagitan ng palaging paghahanap sa mga layon ng Diyos sa lahat ng bagay, hindi mo mamamalayan na nagiging isa kang tao na kaayon ng puso ng Diyos.

Hinango mula sa "Paano Malalaman ang Disposisyon ng Diyos at ang mga Resultang

Makakamtan ng Kanyang Gawain" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Hinihimok Ko kayong magkaroon ng mas mahusay na pag-unawa sa nilalaman ng mga atas administratibo, at magsikap alamin ang disposisyon ng Diyos. Kung hindi, mahihirapan kayong panatilihing tikom ang mga labi ninyo, malayang mamamagaypay ng magarbong pananalita ang mga dila ninyo, at hindi sinasadyang magkakasala kayo sa disposisyon ng Diyos at mahuhulog sa kadiliman, na mawawalan ng presensiya ng Banal na Espiritu at ng liwanag. Sapagkat wala kayong prinsipyo sa mga kilos ninyo, sapagkat ginagawa at sinasabi mo ang hindi dapat, tatanggap ka ng naaangkop na ganti. Dapat mong malamang kahit wala kang prinsipyo sa

salita at gawa, lubhang maprinsipyo ang Diyos sa dalawang bagay na ito. Pagkakasala sa Diyos, hindi sa isang tao, ang dahilan ng pagkakatanggap mo ng ganti. Kung sa buhay mo marami kang mga pagkakasala sa disposisyon ng Diyos, papunta ka sa pagiging anak ng impiyerno. Para sa tao, maaaring lumitaw na gumawa ka lamang ng iilang mga gawang salungat sa katotohanan, at wala nang iba. Alam mo ba, gayunpaman, na sa mga mata ng Diyos ay isa ka nang taong wala nang nauukol na handog para sa kasalanan? Sapagkat nilabag mo ang mga atas administratibo ng Diyos nang higit sa isang beses at, bukod dito, walang ipinakitang tanda ng pagsisisi, wala nang ibang paraan kundi malublob ka sa impiyerno, kung saan pinarurusahan ng Diyos ang tao. Gumawa ang isang maliit na bilang ng mga tao ng mga gawang lumabag sa mga prinsipyo, habang sumusunod sa Diyos, ngunit matapos silang mapakitunguhan at mabigyan ng gabay, unti-unti nilang natuklasan ang sarili nilang katiwalian, at matapos nito pumasok sa tamang landas ng realidad, at nananatili silang may matatag na saligan hanggang ngayon. Ang ganitong mga tao yaong mga mananatili hanggang sa huli. Gayunpaman, ang mga tapat ang hinahanap Ko; kung isa kang tapat na tao at isang taong kumikilos ayon sa prinsipyo, maaari kang maging pinagkakatiwalaan ng Diyos. Kung sa mga ikinikilos mo ay hindi ka nagkakasala sa disposisyon ng Diyos, at hinahanap mo ang kalooban ng Diyos, at may pusong gumagalang sa Diyos, kung gayo'y abot sa pamantayan ang pananampalataya mo. Sinumang hindi gumagalang sa Diyos at walang pusong nanginginig sa takot ay malamang lalabag sa mga atas administratibo ng Diyos. Maraming naglilingkod sa Diyos sa lakas ng silakbo ng damdamin nila ngunit walang pagkaunawa sa mga atas administratibo ng Diyos, at lalong walang sapantaha tungkol sa mga kahihinatnan ng mga salita Niya. Kaya naman, sa kanilang mabubuting mga layon, madalas silang nakagagawa ng mga bagay na gumagambala sa pamamahala ng Diyos. Sa mga malalang kalagayan, itinatapon sila, pinagkakaitan ng anumang karagdagang pagkakataong sumunod sa Kanya, at itataboy sa impiyerno, at tapos na ang lahat ng pakikisama sa tahanan ng Diyos. Gumagawa ang mga taong

ito sa tahanan ng Diyos sa lakas ng mangmang na mabubuting layon nila, at nagtatapos sa pagpapagalit sa disposisyon ng Diyos. Dinadala ng mga tao sa tahanan ng Diyos ang mga paraan nila ng paglilingkod sa mga opisyal at mga panginoon at sinusubukang gamitin ang mga ito, iniisip nang may kahambugan na madaling magagamit ang mga ito dito. Hindi nila kailanman naipagpalagay na walang disposisyon ng tupa ang Diyos, kundi ng isang leon. Samakatuwid, yaong mga nakikisama sa Diyos sa unang pagkakataon ay walang kakayahang makipagtalastasan sa Kanya, sapagkat hindi tulad ng sa tao ang puso ng Diyos. Pagkatapos mo lamang maunawaan ang maraming mga katotohanan atsaka mo patuloy na makikilala ang Diyos. Hindi binubuo ng mga salita at mga doktrina ang kaalamang ito ngunit magagamit bilang kayamanan na sa pamamagitan nito makapapasok ka sa malapit na pagtitiwala ng Diyos, at bilang katibayang nalulugod Siya sa iyo. Kung kulang ka sa realidad ng kaalaman at hindi naaarmasan ng katotohanan, ang maalab mong paglilingkod ay magdadala lamang sa iyo ng pagkamuhi at pagkapoot ng Diyos.

Hinango mula sa “Tatlong Paalaala” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa bawat kapanahunan, habang gumagawa sa mga tao, ipinagkakaloob ng Diyos ang ilang salita sa kanila at sinasabi sa kanila ang ilang katotohanan. Ang mga katotohanang ito ay nagsisilbing daan na dapat sundan ng mga tao, ang daan na dapat nilang lakaran, ang daan na nagbibigay-kakayahan sa kanila na magkaroon ng takot sa Diyos at makaiwas sa kasamaan, at ang daan na dapat isagawa at sundan ng mga tao sa kanilang buhay at sa buong paglalakbay nila sa buhay. Ito ang mga dahilan kaya ipinapahayag ng Diyos ang mga pagbigkas na ito sa sangkatauhan. Ang mga salitang ito na nagmumula sa Diyos ay dapat sundin ng mga tao, at ang pagsunod sa mga ito ay pagtanggap ng buhay. Kung hindi susundin ng isang tao ang mga ito, hindi isasagawa ang mga ito, at hindi isasabuhay ang mga salita ng Diyos, hindi isinasagawa ng taong ito ang katotohanan. Bukod pa riyan, kung hindi isinasagawa ng mga tao ang katotohanan, hindi sila natatakot sa Diyos at hindi nila iniiwasan

ang kasamaan, ni hindi rin nila mapapalugod ang Diyos. Ang mga taong hindi kayang palugurin ang Diyos ay hindi matatanggap ang Kanyang papuri, at walang kahihinatnan ang gayong mga tao.

Hinango mula sa “Paano Malalaman ang Disposisyon ng Diyos at ang mga Resultang Makakamtan ng Kanyang Gawain” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang paglalakad sa daan ng Diyos ay hindi tungkol sa pagsunod sa mababababaw na panuntunan; sa halip, nangangahulugan ito na kapag nahaharap ka sa isang problema, ituring mo muna ito una sa lahat bilang isang sitwasyon na naiplano ng Diyos, isang responsibilidad na naipagkaloob Niya sa iyo, o isang gawaing naipagkatiwala Niya sa iyo. Kapag nahaharap ka sa problemang ito, dapat mo ngang ituring ito bilang isang pagsubok ng Diyos sa iyo. Kapag nahaharap ka sa problemang ito, kailangan ay mayroon kang pamantayan sa puso mo, kailangan mong isipin na ang bagay na ito ay nagmula sa Diyos. Kailangan mong pag-isipan kung paano mo haharapin ito sa isang paraan na matutupad mo ang iyong responsibilidad habang nananatili kang tapat sa Diyos, gayundin kung paano ito gawin nang hindi Siya ginagalit o hindi ka nagkakasala sa Kanyang disposisyon. … Dahil para makalakad sa daan ng Diyos, hindi natin maaaring hayaan ang anumang nangyayari sa atin o sa paligid natin, kahit ang maliliit na bagay; iniisip man natin na dapat itong bigyang-pansin o hindi, basta’t may anumang bagay tayong nakakaharap, hindi natin ito dapat hayaan. Lahat ng bagay na nangyayari ay dapat ituring na mga pagsubok na bigay sa atin ng Diyos. Ano sa palagay mo ang ganitong paraan ng pagtingin sa mga bagay-bagay? Kung mayroon kang ganitong klaseng saloobin, nagpapatibay ito sa isang katunayan: Sa iyong kalooban, may takot ka sa Diyos at handa kang umiwas sa kasamaan. Kung may hangarin kang palugurin ang Diyos, hindi malayong matugunan ng isinasagawa mo ang pamantayan ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan.

Hinango mula sa “Paano Malalaman ang Disposisyon ng Diyos at ang mga Resultang Makakamtan ng Kanyang Gawain” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ano ang pangunahing bagay na dapat unawain ng isang tao kapag naghahanap na maabot ang pagpasok sa buhay? Ito ay na sa lahat ng salitang sinambit ng Diyos, anumang aspeto ang tinutukoy ng mga ito, dapat mong alamin kung ano ang hinihingi at mga pamantayan Niya sa mga tao, at mula sa mga ito ay maghanap ka ng isang landas ng pagsasagawa. Dapat mong gamitin ang mga ito upang suriin ang iyong inaasal at pananaw sa buhay, at suriin din ang lahat ng iyong mga sitwasyon at mga sinasabi na taliwas sa mga ito. Higit sa lahat dapat mong alamin ang mga pamantayang ito para malaman kung paano mo dapat gawin ang mga bagay-bagay, paano mo masusunod ang kalooban ng Diyos habang ginagampanan mo ang iyong mga tungkulin, at paano ka makakakilos nang nakaayon sa mga kinakailangan ng Diyos. Maging isang tao na may realidad ng katotohanan, huwag iyong puro ka lamang salita at doktrina at teoriya. Huwag kang magkunwaring espirituwal; huwag maging isang huwad na taong espirituwal. Dapat mong pagtuunan ang pagsasabuhay at paggamit ng mga salita ng Diyos upang ihambing at pagnilayan ang sarili mong mga katayuan, at pagkatapos ay baguhin ang pananaw at saloobin mo sa pagharap sa bawat uri ng sitwasyon. Sa huli, makakapagpitagan ka sa Diyos sa bawat sitwasyon, at hindi ka na kikilos nang padalus-dalos o susunod sa sarili mong mga ideya, ginagawa kung ano ang gusto mo, o namumuhay sa loob ng tiwaling disposisyon. Sa halip, lahat ng iyong ikikilos at sasabihin ay magiging batay sa mga pagbigkas ng Diyos at ayon sa katotohanan; dahil dito, unti-unting uusbong ang pagpipitagan mo sa Diyos. Naibubunga ang isang pusong may takot sa Diyos habang patuloy na naghahabol sa katotohanan; hindi ito bunga ng pagpipigil. Ang tanging ibinubunga ng pagpipigil ay isang uri ng pag-uugali, ngunit iyan ay isang uri ng panlabas na pagpipigil. Ang tunay na pagpipitagan sa Diyos ay nagmumula sa—habang naniniwala sa Diyos—pagkaunawa sa katotohanan, pamumuhay ayon sa katotohanan, dahan-dahang binabawasan ang tiwaling disposisyon nang higit kaysa rati, at unti-unting pinabubuti ang katayuan ng isang tao upang siya ay madalas na nakalalapit sa Diyos; ito ang uri ng proseso na nagbubunga ng tunay na

pagpipitagan. Kapag nangyari iyan, malalaman mo kung ano ang kahulugan ng magpitagan sa Diyos at kung ano ang pakiramdam nito, at mapagtatanto mo kung anong pag-uugali, anong katayuan, at anong disposisyon ang dapat taglayin ng mga tao bago sila tunay na magkaroon ng takot sa Diyos at makapagpakita ng pagpipitagan sa Diyos.

Hinango mula sa “Yaon Lamang Mga Nagsasagawa ng Katotohanan ang May Takot sa Diyos” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Dati, ang ilang tao ay laging nagkakaroon ng mga kuro-kuro tungkol sa kung anong ginawa ng nagkatawang-taong Diyos. Paglaon, isang panuntunan ang iminungkahi sa pagbabahagi: Wala dapat tanong kung ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay tama at makabuluhan; kung hindi magagawang maunawaan ng mga tao ang ginagawa ng Diyos, dapat nilang ituon ang pansin sa pagsunod, at huwag lumaban. Tiyak na ikahihiya nila anumang kuro-kurong mayroon sila. Itinuon na nila ang mga salitang ito sa alaala. Sa tuwing mahaharap sila sa isang isyu, iniisip nila sa kanilang mga sarili: “Hindi dapat ako magkaroon ng mga kuru-kuro, at hindi dapat ako magpasya. Mayroong kahulugan sa lahat ng ginagawa ng Diyos, at hindi ko man ito makita ngayon, tiyak na darating ang isang araw na makararamdam ako ng kahihiyan.” Sumusunod sila sa panuntunang ito. Kaya ring lutasin ng panuntunang ito ang mga problema ng mga taong naguguluhan sa kanilang pananampalataya. Kung gagamitin ng mga taong may malawak na pang-unawa ang mga panuntunang ito sa lahat ng nangyayari sa kanila, maraming bagay ang mapagtatanto nila. Ang mga taong hindi malawak ang pang-unawa ay kumakapit lamang sa mga panuntunan, tinitiyak na napangangalagaan sila, at hindi nila nilalabag ang mga atas administratibo ng Diyos at nagdudulot ng anumang malubhang kaguluhan. Ang panuntunang ito ay kapaki-pakinabang, at hindi inutil. Ang panuntunang ito ay inaalala sa lahat ng mga simbahan. Itinala ito ng ilang mga tao sa isang kuwaderno, ang iba ay isinulat ito sa loob ng pabalat ng libro, upang ito ang unang mga salitang mababasa nila sa tuwing bubuksan nila ito. Binibigkas din nila ang mga iyon habang nagdarasal. May mga

pakinabang sa pagsasagawa nito; pinapanatili nito ang ilang tao sa hanay at ginagawa silang may takot sa Diyos.

Hinango mula sa “Paano Ang Isa ay Dapat Magbigay-kasiyahan sa Diyos sa Gitna ng Mga Pagsubok” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sisimulan natin sa pamamagitan ng pagtingin sa buhay ni Job sa tahanan, kung ano ang kanyang karaniwang asal sa kanyang buhay. Sasabihin nito sa atin ang tungkol sa kanyang mga prinsipyo at layunin sa buhay, pati na rin ang tungkol sa kanyang personalidad at hangarin. … Kapag inilalarawan ng Biblia ang pagpipista ng mga anak na lalaki at babae ni Job, hindi nababanggit si Job; sinasabi lamang na ang kanyang mga anak na lalaki at babae ay madalas na kumain at uminom nang magkakasama. Sa madaling salita, hindi siya nagdaraos ng mga kapistahan, at hindi rin siya sumasama sa kanyang mga anak na lalaki at babae sa pagkain nang marangya. Kahit mayaman, at nagtataglay ng maraming ari-arian at mga tagapaglingkod, ang buhay ni Job ay hindi maluho. Siya ay hindi nalinlang ng kanyang marangyang kapaligiran, at hindi niya inabuso ang mga kasiyahan sa laman o kinalimutan na mag-alay ng mga sinusunog na handog dahil sa kanyang kayamanan, at lalong hindi ito naging sanhi nang unti-unting paglayo ng kanyang puso sa Diyos. Kung gayon, maliwanag na disiplinado si Job sa kanyang uri ng pamumuhay, hindi sakim o nakatuon sa kasiyahan bilang bunga ng mga pagpapala sa kanya ng Diyos, at hindi rin nakatuon ang kanyang pansin sa kalidad ng buhay. Sa halip, siya ay mapagpakumbaba at may mababang-loob, hindi siya mahilig magpasikat, at siya ay mapagmasid at maingat sa harap ng Diyos. Madalas niyang inisip ang mga biyaya at pagpapala ng Diyos, at patuloy na may takot sa Diyos. Sa kanyang araw-araw na buhay, madalas ay maagang bumabangon si Job upang mag-alay ng mga handog na susunugin para sa kanyang mga anak na lalaki at babae. Sa madaling salita, si Job ay hindi lamang may takot sa Diyos, umasa rin siya na ang kanyang mga anak ay magkakaroon din ng takot sa Diyos at hindi magkakasala laban sa Diyos. Walang lugar sa puso ni Job ang materyal na

kayamanan, at hindi nito napalitan ang posisyon na hawak ng Diyos; maging para sa kapakanan ng kanyang sarili o ng kanyang mga anak, ang lahat ng ikinikilos ni Job araw-araw ay may kinalaman sa pagkakaroon ng takot sa Diyos at paglayo sa kasamaan. Ang kanyang takot sa Diyos na si Jehova ay hindi tumigil sa kanyang bibig, kundi isinakatuparan niya ito, at ipinakita sa bawat bahagi ng kanyang araw-araw na pamumuhay. Ang tunay na asal na ito ni Job ay nagpapakita sa atin na siya ay tapat, at nagtaglay ng diwa na may pagmamahal sa katarungan at mga bagay na positibo. Ang madalas na pagsugo at pagpapabanal ni Job sa kanyang mga anak na lalaki at babae ay nangangahulugan na hindi niya pinahintulutan o sinang-ayunan ang asal ng kanyang mga anak; sa halip, sa kanyang puso siya ay pagod na sa kanilang pag-uugali, at hinatulan niya sila. Napagpasyahan niya na ang pag-uugali ng kanyang mga anak na lalaki at babae ay hindi kalugud-lugod sa Diyos na si Jehova, at kaya naman madalas niya silang pagsabihan na pumunta sa harap ng Diyos na si Jehova at ikumpisal ang kanilang mga kasalanan. Ipinapakita sa atin ng mga kilos ni Job ang isa pang bahagi ng kanyang pagkatao, kung saan siya ay hindi kailanman sumama sa mga taong madalas na nagkakasala at sumusuway sa Diyos, at sa halip ay nilayuan at iniwasan ang mga ito. Bagama’t ang mga taong ito ay ang kanyang mga anak na lalaki at babae, hindi niya tinalikuran ang kanyang sariling mga prinsipyo dahil sa sila ay sarili niyang pamilya, at hindi niya pinagbigyan ang kanilang mga kasalanan dahil sa sarili niyang damdamin. Sa halip, hinimok niya silang mangumpisal at makamit ang kapatawaran ng Diyos na si Jehova, at binigyan niya sila ng babala na huwag talikuran ang Diyos para sa kapakanan ng kanilang mga sariling sakim na kasiyahan. Ang mga prinsipyo kung paano pinakitunguhan ni Job ang iba ay hindi maihihiwalay mula sa mga prinsipyo ng kanyang takot sa Diyos at paglayo sa kasamaan. Minahal niya ang mga tinanggap ng Diyos, at kinasuklaman ang mga itinaboy ng Diyos; minahal niya ang mga taong may takot sa Diyos sa kanilang mga puso, at kinasuklaman niya ang mga gumagawa ng kasamaan o nagkakasala laban sa Diyos. Ang ganitong pagmamahal at

pagkasuklam ay makikita sa kanyang pang-araw-araw na pamumuhay, at ito ang tunay na pagkamatuwid ni Job na nakita ng mga mata ng Diyos. Natural lamang na ito rin ang pagpapahayag at pagsasabuhay ng tunay na pagkatao ni Job sa kanyang mga ugnayan sa iba sa kanyang araw-araw na pamumuhay na dapat nating matutuhan.

Hinango mula sa "Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo II" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Matapos sabihin ng Diyos kay Satanas na, "Lahat niyang tinatangkilik ay nangasa iyong kapangyarihan; siya lamang ang huwag mong pagbuhatan ng iyong kamay," umalis si Satanas, at matapos noon ay sumailalim na si Job sa biglaan at mababangis na pag-atake: Una, ninakaw ang kanyang mga baka at mga asno at pinatay ang ilan sa mga tagapaglingkod niya; sumunod, sinunog ang ilan sa kanyang mga tupa at mga tagapaglingkod; matapos noon, kinuha ang mga kamelyo niya at pinatay ang mga tagapaglingkod niya; sa huli, pinaslang ang mga anak niyang lalaki at babae. Ang sunod-sunod na pag-atake na ito ay ang paghihirap na dinanas ni Job sa unang tukso. Ayon sa iniutos ng Diyos, ang mga ari-arian at mga anak lamang ni Job ang pinuntirya ni Satanas sa panahon ng mga pag-atake, at hindi niya sinaktan si Job. Gayunman, mula sa pagiging isang mayamang tao na nagmamay-ari ng malaking kayamanan, si Job ay biglang naging isang tao na wala kahit na anong ari-arian. Walang sinuman ang may kakayahang matagalan ang mga kagila-gilalas na biglaang pag-atake na ito o tumugon sa mga ito nang maayos, ngunit si Job ay nagpakita ng kanyang pambihirang kakayahan. Nagbibigay ang Kasulatan ng sumusunod na salaysay: "Nang magkagayo'y bumangon si Job, at hinapak ang kaniyang balabal, at inahitan ang kaniyang ulo, at nagpatirapa sa lupa at sumamba." Ito ang unang reaksyon ni Job pagkatapos niyang marinig na nawala sa kanya ang kanyang mga anak at lahat ng kanyang ari-arian. Higit sa lahat, hindi siya mukhang nagulat, o natakot, at lalong hindi siya nagpahayag ng galit o poot. Nakikita mo, sa gayon, na nakilala na niya sa kanyang puso na ang

mga sakunang ito ay hindi isang aksidente, o gawain ng kamay ng tao, at lalong hindi dala ng paghihiganti o kaparusahan. Sa halip, dumating sa kanya ang mga pagsubok ni Jehova. Si Jehova ang nagnais na kunin ang kanyang ari-arian at mga anak. Napaka-mahinahon at malinaw ng pag-iisip ni Job noon. Ang kanyang perpekto at matuwid na pagkatao ang tumulong sa kanya upang makagawa ng mga makatwiran at likas na tumpak na mga paghatol at pagpapasya tungkol sa mga sakunang dumating sa kanya, at dahil dito, nagawa niyang kumilos nang may pambihirang kahinahunan: “Nang magkagayo’y bumangon si Job, at hinapak ang kaniyang balabal, at inahitan ang kaniyang ulo, at nagpatirapa sa lupa at sumamba.” Ang “hinapak ang kaniyang balabal” ay nangangahulugan na wala siyang suot, at walang pagmamay-ari; ang “inahitan ang kaniyang ulo” ay nangangahulugang bumalik siya sa Diyos bilang isang bagong silang na sanggol; ang “nagpatirapa sa lupa at sumamba” ay nangangahulugang dumating siya sa mundo nang hubad, at wala pa ring pag-aari sa ngayon, ibinalik siya sa Diyos na tila isang bagong silang na sanggol. Ang saloobin ni Job sa lahat ng sinapit niya ay hindi maaaring makamit ng anumang nilalang ng Diyos. Ang kanyang pananampalataya kay Jehova ay hindi kapani-paniwala; ganito ang kanyang takot sa Diyos at pagkamasunurin sa Diyos, at hindi lamang siya nagpasalamat sa Diyos sa pagbibigay sa kanya, ngunit pati na rin sa pagkuha mula sa kanya. Higit pa rito, nagawa niyang ibalik sa Diyos ang lahat ng kanyang pag-aari, kasama na ang kanyang buhay.

Ang takot at pagkamasunurin ni Job sa Diyos ay isang halimbawa sa sangkatauhan, at ang kanyang pagka-perpekto at ang pagkamatuwid ay ang rurok ng pagkatao na dapat taglayin ng tao. Kahit hindi niya nakita ang Diyos, naintindihan niya na tunay na umiiral ang Diyos, at dahil sa pagkaintinding ito ay nagkaroon siya ng takot sa Diyos—at dahil sa takot niya sa Diyos, nagawa niyang sumunod sa Diyos. Binigyan niya ang Diyos ng kalayaan na kunin ang lahat ng kanyang pag-aari, subalit hindi siya nagreklamo, at nagpakumbaba siya sa harap ng Diyos at sinabi sa Kanya, sa oras na ito, na kahit na kunin ng Diyos ang kanyang laman, masaya

niyang hahayaan na gawin ito ng Diyos, nang walang reklamo. Ang kanyang buong asal ay dahil sa kanyang perpekto at matuwid na pagkatao. Ibig sabihin nito, bunga ng kanyang kawalang-sala, katapatan, at kabaitan, si Job ay naging matatag sa kanyang naintindihan at karanasan na tungkol sa pag-iral Diyos, at mula sa saligang ito inatasan niya ang kanyang sarili at gumawa ng pamantayan sa kanyang pag-iisip, pag-uugali, asal, at mga prinsipyo sa pagkilos sa harap ng Diyos na naayon sa patnubay ng Diyos sa kanya at sa mga gawa ng Diyos na nakita niya sa lahat ng bagay. Sa paglipas ng panahon, ang kanyang mga karanasan ay nagdulot ng tunay at totoong takot sa Diyos at nagawa niyang layuan ang kasamaan. Ito ang pinagmulan ng katapatan na mahigpit na pinanghawakan ni Job. Si Job ay may isang matapat, walang sala, at mabait na pagkatao, at siya ay mayroong tunay na karanasan ng pagkakaroon ng takot sa Diyos, pagsunod sa Diyos, at paglayo sa kasamaan, pati na rin ang kaalaman na "si Jehova ang nagbigay, at si Jehova ang nag-alis." Dahil sa mga bagay na ito lamang niya nagawang tumayo nang matatag sa kanyang patotoo sa gitna ng mapaminsalang pag-atake ni Satanas, at dahil sa mga ito lamang niya nagawang hindi biguin ang Diyos at magbigay ng kasiya-siyang sagot sa Diyos nang dumating ang Kanyang mga pagsubok.

Hinango mula sa "Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo II" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Noong pinayuhan siya ng kanyang asawa na sumpain ang Diyos at mamatay na, ang ibig niyang sabihin ay: "Ganito ka tratuhin ng Diyos mo, bakit hindi mo Siya isumpa? Paano mo pa nagagawang mabuhay? Hindi patas sa iyo ang iyong Diyos, ngunit sinasabi mo pa rin na 'purihin ang pangalan ni Jehova.' Paano Niya nagagawang magdulot ng sakuna sa iyo samantalang pinupuri mo ang Kanyang pangalan? Magmadali ka at talikuran mo ang pangalan ng Diyos, at huwag ka nang sumunod sa Kanya. Sa ganitong paraan, matatapos ang mga problema mo." Sa mga sandaling ito, nakita ang pagpapatotoo na ninais na makita ng Diyos kay Job. Walang karaniwang tao na makapagpapatotoo nang ganito, at hindi

rin natin ito nababasa sa anumang mga kwento sa Biblia—ngunit nakita na ng Diyos ang mga ito bago pa man sinabi ni Job ang mga naturang mga salita. Gusto lamang gamitin ng Diyos ang pagkakataong ito upang pahintulutan si Job na patunayan sa lahat na Siya ay tama. Nahaharap sa payo ng kanyang asawa, hindi isinuko ni Job ang kanyang katapatan o kaya ay tumalikod sa Diyos, at sinabi rin niya ang sumusunod sa kanyang asawa: “Tatanggap ba tayo ng mabuti sa kamay ng Diyos, at hindi tayo tatanggap ng masama?” May bigat ba ang mga salitang ito? Dito, mayroon lamang isang katotohanan na kayang magpatunay sa bigat ng mga salitang ito. Ang bigat ng mga salitang ito ay na pinagtibay ng Diyos ang mga ito sa Kanyang puso, ang mga ito ang ninais ng Diyos, ang mga ito ang ninais na marinig ng Diyos, at ang mga ito ang kalalabasang hinangad na makita ng Diyos. Ang mga salitang ito rin ang pinakamahalagang bahagi ng patotoo ni Job. Dito, napatunayan ang pagiging perpekto, pagkamatuwid, pagkakaroon ng takot sa Diyos, at pag-iwas ni Job sa kasamaan. Ang kahalagahan ni Job ay nakasalalay sa kung paano, nang tuksuhin siya, at kahit noong puno ang kanyang buong katawan ng mga namamagang pigsa, noong pinagtiisan niya ang sukdulang paghihirap, at noong pinayuhan siya ng kanyang asawa at kamag-anak, nasabi pa rin niya ang ganoong mga salita. Sa madaling salita, sa kanyang puso, naniniwala siya na kahit ano pang tukso, o gaano man kabigat ang pagtitiis o paghihirap, kahit pa dumating ang kamatayan sa kanya, hindi siya tatalikod sa Diyos o tatanggi sa daan ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan. Samakatwid, nakikita mo na hawak ng Diyos ang pinakamahalagang lugar sa kanyang puso, at Diyos lamang ang nasa kanyang puso. Dahil dito, mababasa natin ang mga paglalarawan sa kanya sa mga Banal na Kasulatan bilang: Sa lahat ng ito ay hindi nagkasala si Job ng kaniyang mga labi. Siya ay hindi nagkasala sa kanyang mga labi, at maging sa kanyang puso, hindi siya nagreklamo tungkol sa Diyos. Hindi siya nagsabi ng masasakit na salita tungkol sa Diyos, at hindi rin siya nagkasala laban sa Diyos. Hindi lamang basta pinagpala ng kanyang bibig ang pangalan ng Diyos, ngunit sa kanyang puso ay pinuri rin niya ang

pangalan ng Diyos; ang kanyang bibig at puso ay iisa. Ito ang tunay na Job na nakita ng Diyos, at ito ang tunay na dahilan kung bakit pinahalagahan ng Diyos si Job.

Hinango mula sa “Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo II” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang “pagkakaroon ng takot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan” at pagkilala sa Diyos ay matibay na pinagkonekta ng napakaraming sinulid, at ang koneksyon sa pagitan ng mga ito ay malinaw. Kung nais ng sinuman na makaiwas sa kasamaan, kailangan muna siyang magkaroon ng tunay na takot sa Diyos; kung nais ng sinuman na magkaroon ng tunay na takot sa Diyos, kailangan muna siyang magtamo ng tunay na kaalaman tungkol sa Diyos; kung nais ng sinuman na magtamo ng kaalaman tungkol sa Diyos, kailangan muna niyang maranasan ang mga salita ng Diyos, pumasok sa realidad ng mga salita ng Diyos, maranasan ang pagtutuwid at pagdidisiplina ng Diyos, ang Kanyang pagkastigo at paghatol; kung nais ng sinuman na maranasan ang mga salita ng Diyos, kailangan muna niyang makaharap ang mga salita ng Diyos, makaharap ang Diyos, at humiling sa Diyos na magbigay ng mga pagkakataong maranasan ang mga salita ng Diyos sa anyo ng lahat ng uri ng sitwasyong sangkot ang mga tao, kaganapan, at bagay; kung nais ng sinuman na makaharap ang Diyos at ang mga salita ng Diyos, kailangan muna siyang magtaglay ng simple at matapat na puso, kahandaang tanggapin ang katotohanan, kagustuhang tiisin ang pagdurusa, matibay na determinasyon at tapang na iwasan ang kasamaan, at ang hangaring maging isang tunay na nilalang…. Sa ganitong paraan, sa unti-unting pagsulong, lalo kang mapapalapit sa Diyos, lalong magiging dalisay ang puso mo, at lalo pang magiging makabuluhan at mas maningning ang iyong buhay at ang kahalagahan ng pagiging buhay, pati na ang iyong kaalaman tungkol sa Diyos. Hanggang, isang araw, madarama mo na hindi na isang palaisipan ang Lumikha, na hindi kailanman nakatago ang Lumikha mula sa iyo, na hindi kailanman nagkubli ng Kanyang mukha ang Lumikha mula sa iyo, na hindi pala malayo ang

Lumikha sa iyo, na hindi na ang Lumikha ang lagi mong pinananabikan sa iyong mga iniisip kundi hindi mo Siya maabot sa iyong damdamin, na talaga at totoong nakabantay Siya sa iyong kaliwa at kanan, tinutustusan ang iyong buhay, at kinokontrol ang iyong tadhana. Hindi Siya natatanaw sa malayo, ni hindi Niya itinago ang Sarili Niya sa mga ulap sa itaas. Siya ay nasa tabi mo mismo, nangangasiwa sa iyong kabuuan, Siya ang lahat ng mayroon ka, at Siya ang tanging mayroon ka. Ang gayong Diyos ay tinutulutan kang mahalin Siya nang taos-puso, kapitan Siya, hawakan Siya nang mahigpit, hangaan Siya, matakot na mawala Siya, at aayawan mong talikuran pa Siya, suwayin pa Siya, o layuan o palayuin pa Siya. Ang tanging gusto mo ay pagmalasakitan Siya, sundin Siya, bayaran ang lahat ng ibinibigay Niya sa iyo, at magpasakop sa Kanyang kapangyarihan. Hindi ka na tumatangging magabayan, matustusan, mabantayan, at maingatan Niya, hindi ka na tumatanggi sa Kanyang idinidikta at itinatakda para sa iyo. Ang tanging nais mo ay sundan Siya, lumakad sa Kanyang tabi, ang tanging nais mo ay tanggapin Siya bilang iyong kaisa-isang buhay, tanggapin Siya bilang iyong kaisa-isang Panginoon, iyong kaisa-isang Diyos.

Hinango mula sa “Pagkilala sa Diyos ang Landas tungo sa Pagkakaroon ng Takot sa Diyos at Pag-iwas sa Kasamaan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

18. Ang mga Prinsipyo ng Pagtitiwala sa Diyos at Mataas na Pagtingin sa Kanya

(1) Kinakailangang malaman na nilikha ng Diyos ang lahat at Siya ang kataas-taasan kapangyarihan sa lahat, at sumampalataya na ang lahat ng pangyayari at bagay ay nasa Kanyang mga kamay. Saka lamang tunay na makaaasa ang isang tao sa Kanya at magkaroon ng mataas na pagtingin sa Kanya;

(2) Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pagtitiwala sa Diyos at pagtingin nang mataas sa Kanya, maaaring makita ng isang tao ang Kanyang mga gawa at makilala ang Kanyang pagka-makapangyarihan at karunungan, hanggang mauwi sa unti-unting pagpipitagan sa Kanya at

pagpapasakop sa Kanya;

(3) Kinakailangang purihin si Cristo bilang dakila. Tanging si Cristo lamang ang maaaring magpahayag ng katotohanan. Kapag may pananampalatayang ang mga salita ng Diyos ang nagsasakatuparan ng lahat, likas na magagawa ng isang taong sumunod at magpatotoo kay Cristo;

(4) Kapag nahaharap sa mga pagsubok at matitinding pagdurusa, kinakailangang hanapin ang katotohanan, at manalangin sa Diyos alinsunod sa Kanyang mga salita, upang subukang maunawaan ang Kanyang kalooban. Sa pagsasagawa lamang ng katotohanan makapaninindigan ang isang tao sa kanyang patotoo.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Nangingibabaw ang Makapangyarihang Diyos sa lahat ng bagay at pangyayari! Hangga't taos-puso natin Siyang sinasamba sa lahat ng oras at nakikipagniig tayo at nagbabahagi sa Kanya, ipapakita Niya sa atin ang lahat ng bagay na ating hinahanap, at tiyak na mabubunyag sa atin ang Kanyang kalooban. Sa gayon ay magagalak at mapapayapa ang ating puso, matatag at may perpektong kalinawan. Mahalagang makayang kumilos alinsunod sa Kanyang mga salita. Ang makaya lamang na unawain ang Kanyang kalooban at mabuhay nang nakaasa sa Kanyang mga salita ang itinuturing na tunay na karanasan.

Hinango mula sa "Kabanata 7" ng Mga Pagbigkas ni Cristo sa Pasimula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang Makapangyarihang Diyos, ang Pinuno ng lahat ng bagay, ay gumagamit ng Kanyang kapangyarihan bilang hari mula sa Kanyang luklukan. Namumuno Siya sa sansinukob at sa lahat ng bagay, at ginagabayan Niya tayo sa buong daigdig. Magiging malapit tayo sa Kanya sa bawat sandali, at haharap sa Kanya nang tahimik, na hindi nagsasayang kailanman ni isang sandali, at may mga aral tayong dapat matutuhan sa lahat ng oras. Lahat, mula sa kapaligirang nakapalibot sa atin hanggang sa mga tao, pangyayari, at bagay, ay umiiral sa pahintulot

ng Kanyang luklukan. Huwag hayaang magkaroon ng hinaing sa inyong puso sa anumang dahilan, kung hindi ay hindi ipagkakaloob sa iyo ng Diyos ang Kanyang biyaya. Kapag dumapo ang karamdaman, ito ay pagmamahal ng Diyos, at tiyak na ang Kanyang mabubuting hangarin ay nakapaloob dito. Bagama't maaaring medyo nahihirapan ang iyong katawan, huwag kang tumanggap ng mga ideya mula kay Satanas. Purihin ang Diyos sa gitna ng iyong karamdaman at tamasahin ang Diyos sa gitna ng iyong papuri. Huwag mawalan ng pag-asa kapag nagkaroon ka ng karamdaman, patuloy na maghanap at huwag susuko kailanman, at tatanglawan ka ng Diyos ng Kanyang liwanag. Gaano ba ang pananampalataya ni Job? Ang Makapangyarihang Diyos ay isang manggagamot na makapangyarihan sa lahat! Ang manahan sa karamdaman ay ang magkasakit, subalit ang manahan sa espiritu ay ang gumaling. Hangga't may natitira kang hininga, hindi ka hahayaan ng Diyos na mamatay.

Nasa ating kalooban ang nabuhay na mag-uling buhay ni Cristo. Hindi maikakaila na kulang ang ating pananampalataya sa presensya ng Diyos: Nawa'y pagkalooban tayo ng Diyos ng tunay na pananampalataya sa ating kalooban. Tunay ngang matamis ang salita ng Diyos! Ang salita ng Diyos ay mabisang gamot! Hinihiya nito ang mga diyablo at si Satanas! Ang pag-unawa sa salita ng Diyos ay nagbibigay sa atin ng suporta. Mabilis na kumikilos ang Kanyang salita para iligtas ang ating puso! Iwinawaksi nito ang lahat ng bagay at pinapayapa ang lahat. Ang pananampalataya ay parang isang trosong tulay: Yaong mga nakakapit nang mahigpit sa buhay ay mahihirapang tumawid dito, ngunit yaong mga handang isakripisyo ang kanilang sarili ay makakatawid, nang hindi nahuhulog at walang pangamba. Kung ang tao ay nagkikimkim ng mga mahiyain at matatakuting kaisipan, iyon ay dahil nalinlang sila ni Satanas, natatakot na tatawirin natin ang tulay ng pananampalataya upang makapasok sa Diyos. Sinusubukan ni Satanas ang lahat ng posibleng paraan para ipadala sa atin ang mga ideyang ito. Dapat nating ipanalangin sa Diyos sa bawat sandali na tanglawan tayo ng Kanyang liwanag, umasa sa Diyos sa bawat sandali na

alisin ang lason ni Satanas mula sa ating kalooban, magsagawa sa ating espiritu sa bawat sandali kung paano mapalapit sa Diyos, at hayaang magkaroon ang Diyos ng kapamahalaan sa ating buong katauhan.

mula sa “Kabanata 6” ng Mga Pagbigkas ni Cristo sa Pasimula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Dapat kang magkamit ng pagpasok mula sa positibong panig. Kung basta ka lamang naghihintay, negatibo ka pa rin. Dapat kang maging maagap sa pakikipagtulungan sa Akin; maging masigasig at huwag kailanman maging tamad. Palaging makisalamuha sa Akin at magkamit ng mas malalim pang kaugnayan sa Akin. Kung hindi mo nauunawaan, huwag kang mainip para sa mabilisang mga resulta. Hindi naman sa hindi Ko sasabihin sa iyo; nais Ko lamang makita kung aasa ka sa Akin kapag ikaw ay nasa Aking presensya, at kung ikaw ay magtitiwala sa iyong pag-asa sa Akin. Dapat palagi kang manatiling malapit sa Akin, at ilagay ang lahat ng bagay sa Aking mga kamay. Huwag kang bumalik nang walang kabuluhan. Pagkatapos kang maging malapit sa Akin sa loob ng ilang panahon nang di-namamalayan, ang Aking mga intensyon ay ihahayag sa iyo. Kung maiintindihan mo ang mga ito, tunay na makakaharap mo Ako, at tunay mong matatagpuan ang Aking mukha. Ikaw ay magkakaroon ng lubhang kalinawan at katatagan sa loob mo, at magkakaroon ka ng isang bagay na maaasahan. At pagkatapos ay magtataglay ka rin ng kapangyarihan, gayon din ng kompiyansa, at magkakaroon ka ng isang landas pasulong. Ang lahat ay magiging madali sa iyo.

Hinango mula sa “Kabanata 9” ng Mga Pagbigkas ni Cristo sa Pasimula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Huwag mag-atubili, at huwag kang masiraan ng loob o maging mahina. Lalo kang diretsahang makisalamuha sa Akin sa iyong espiritu, matiyagang maghintay, at tiyak na maghahayag Ako sa iyo sa Aking panahon. Talagang dapat kang mag-ingat at huwag mong hayaang masayang sa iyo ang Aking pagsisikap; huwag kang mag-aksaya ng kahit isang sandali. Kapag ang iyong puso ay patuloy na nakikisalamuha sa

Akin, kapag ang iyong puso ay patuloy na nananahan sa harap Ko, walang tao, walang pangyayari, walang bagay, walang asawa, walang anak na lalaki o babae, ang makagagambala sa iyong pakikisalamuha sa Akin sa loob ng iyong puso. Kapag ang iyong puso ay palaging pinaghihigpitan ng Banal na Espiritu at kapag nakikisalamuha ka sa Akin sa bawat sandali, ang Aking kalooban ay tiyak na mahahayag sa iyo. Kapag palagi kang lumalapit sa Akin sa paraang ito, anuman ang nasa iyong mga paligid o ano mang tao, pangyayari o bagay ang iyong makaharap, hindi ka maguguluhan, kundi magkakaroon ka ng landas na pasulong.

Hinango mula sa “Kabanata 8” ng Mga Pagbigkas ni Cristo sa Pasimula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang layunin ng lahat na naisaayos ngayon ay ang sanayin kayo upang lumago sa inyong mga buhay, upang gawing matalas at matalim ang inyong espiritu, upang buksan ang inyong espirituwal na mga mata at hayaan kayong makilala ang mga bagay-bagay na galing sa Diyos. Ang galing sa Diyos ay nagbibigay-kakayahan sa iyo na maglingkod nang may kakayahan at pasanin, at maging matatag sa espiritu. Ang lahat ng mga bagay na hindi galing sa Akin ay hungkag; walang ibinibigay sa iyo ang mga ito, nagiging sanhi upang maging hungkag ang iyong espiritu at mawala ang iyong pananampalataya, at maglagay ng agwat sa pagitan natin, binibihag ka sa sarili mong isipan. Maaari mong mahigitan ang lahat sa sekular na mundo kapag nabubuhay ka sa espiritu, nguni’t ang mabuhay sa isipan mo ay pagpapasakop kay Satanas; walang patutunguhan ito. Napakasimple nito ngayon: Tumingin ka sa Akin gamit ang iyong puso at kaagad magiging malakas ang iyong espiritu. Magkakaroon ka ng landas sa pagsasanay, at gagabayan Ko ang bawat hakbang mo. Mabubunyag sa iyo ang Aking salita sa lahat ng sandali at sa lahat ng dako. Saanman o kailanman, o gaano man kasalungat ang kapaligiran, bibigyan Kita ng malinaw na pagtingin, at mabubunyag sa iyo ang Aking puso kung titingin ka sa Akin gamit ang iyong puso; sa ganitong paraan, tatakbo ka sa daang nasa harapan at hindi kailanman maliligaw.

Hinango mula sa “Kabanata 13” ng Mga Pagbigkas ni Cristo sa Pasimula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Hindi sa mabuti o dalisay ang inyong pananampalataya, kundi, kagila-gilalas ang Aking gawain! Ang lahat ay dahil sa Aking habag! Hindi ka dapat magkaroon ng munti mang tiwaling disposisyon ng pagkamakasarili o pagmamataas, kung hindi ay hindi Ako gagawa sa iyo. Kailangan mong maunawaan nang malinaw na kung bumagsak man o tumayo nang matatag ang mga tao ay hindi dahil sa kanila; ito ay dahil sa Akin. Ngayon, kung hindi mo nauunawaan nang malinaw ang hakbang na ito, tiyak na mabibigo kang makapasok sa kaharian! Kailangan mong maunawaan na ang ginagawa ngayon ay ang kagila-gilalas na gawain ng Diyos; wala itong kinalaman sa tao. Ano ba ang halaga ng mga pagkilos ng tao? Kapag hindi sila nagiging makasarili, mapagmataas, at puno ng kapalaluan, ginagambala nila ang pamamahala ng Diyos at sinisira ang Kanyang mga plano. O, ang mga tiwali! Kailangan mong magawang umasa sa Akin ngayon; kung hindi, sasabihin Ko sa iyo ngayon na wala kang anumang makakamit kailanman! Ang lahat ay mauuwi sa wala at ang iyong mga ginagawa ay mawawalan ng halaga!

Hinango mula sa “Kabanata 38” ng Mga Pagbigkas ni Cristo sa Pasimula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ginugugol ng mga tao ang karamihan sa oras nila nang namumuhay sa isang walang-ulirat na kalagayan. Hindi nila alam kung dapat ba silang umasa sa Diyos o sa mga sarili nila. Sila kung gayon ay may gawi na umasa sa mga sarili nila at sa mga kapaki-pakinabang na mga kalagayan at mga kapaligiran sa palibot nila, gayundin ang sa alinmang mga tao, mga pangyayari, at mga bagay na sa kalamangan nila. Ito ang kung ano pinakamagaling ang mga tao. Kung saan sila pinakamalala ay sa pag-asa sa Diyos at pagtingala sa Kanya, sapagkat pakiramdam nila na napakalaking abala ang pagtingala sa Diyos—hindi nila nakikita, hindi nila nahahawakan—at pakiramdam nila na malabo at hindi makatotohanan ang paggawa ng gayon. Kung kaya, sa ganitong aspeto ng mga aralin nila,

pinakamalala ang pagganap ng mga tao, at pinakamababaw ang pagpasok nila rito. Kung hindi mo natutuhan kung paano tumingala at umasa sa Diyos, hindi mo kailanman makikitang gumawa ang Diyos sa iyo, ang gabayan ka, o ang liwanagan ka. Kung hindi mo nakikita ang mga bagay na ito, ang mga katanungang tulad ng “kung umiiral man ang Diyos at kung ginagabayan man Niya ang lahat-lahat sa buhay ng sangkatauhan” ay matatapos, sa kaibuturan ng puso mo, sa isang tandang pananong sa halip na isang tuldok o tandang padamdam. “Ginagabayan ba ng Diyos ang lahat-lahat sa buhay ng sangkatauhan?” “Nagmamasid ba ang Diyos sa kaibuturan ng puso ng tao?” Para sa anong dahilan na ginagawa mong mga katanungan ang mga ito? Kung hindi ka tunay na aasa sa o titingala sa Diyos, hindi mo magagawang magbigay pagbangon sa totoong pananampalataya sa Kanya. Kung hindi ka magkapagbibigay pagbangon sa totoong pananampalataya sa Kanya, para sa iyo, yaong mga tandang pananong ay magiging habambuhay na naririyan, sinasamahan ang lahat-lahat ng ginagawa ng Diyos, at hindi magkakaroon ng mga tuldok.

Hinango mula sa “Ang Mga Mananampalataya ay Dapat Munang Makaaninag sa Masasamang Kalakaran ng Mundo” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kapag ikaw ay tumingin at umasa sa Diyos, posibleng hindi ka Niya bigyan ng anumang damdamin o anumang malinaw na mga ideya, lalo pa ng malinaw na pang-unawa, lalo pa ng anumang malinaw na direksyon, ngunit hinahayaan ka Niya na makaunawa. O marahil sa oras na ito, wala ka pang naiintindihang anuman, subalit tama lamang na tumingin ka sa Diyos. Ang mga taong nagsasagawa nito sa ganitong paraan ay hindi ginagawa ito dahil lamang sa mga panuntunan, sa halip ito ang kailangan ng kanilang mga puso at ito ang dapat gawin ng mga tao. Hindi naman ibig sabihin na magtatamo ka ng kaliwanagan at gabay sa tuwing titingin ka sa Diyos at tatawagin ang Diyos; ang espirituwal na estadong ito ng tao ay normal at natural, at ang pagtingin sa Diyos ang normal na interaksyon sa Diyos sa puso ng mga tao.

Paminsan-minsan, ang pananangan sa Diyos ay hindi

nangangahulugan ng paghingi sa Diyos na gawin ang isang bagay gamit ang tiyak na mga salita, o paghingi sa Kanya ng tiyak na paggabay o pag-iingat. Sa halip, ito ay yaong kapag nakakasagupa ang mga tao ng ilang usapin, nagagawa nilang tumawag sa Kanya nang taimtim. Kaya, ano ang ginagawa ng Diyos kapag tumatawag ang mga tao sa Kanya? Kapag ang puso ng isang tao ay naaantig at naiisip nila ito: "O Diyos, hindi ko ito magagawang mag-isa, hindi ko alam kung paano ito gagawin, at ako ay nanghihina at negatibo…," kapag sumaisip nila ang mga bagay na ito, alam ba ito ng Diyos? Kapag naiisip ng mga tao ang ganito, ang mga puso ba nila ay taimtim? Kapag sila ay taimtim na tumatawag sa Diyos sa ganitong paraan, pumapayag ba ang Diyos na tulungan sila? Sa kabila ng katunayan na maaaring hindi sila nakapagsabi kahit isang salita, nagpapakita sila ng kataimtiman, at kaya sumasang-ayon ang Diyos na tulungan sila. Kapag ang isang tao ay nakakasagupa ng isang napakamasalimuot na paghihirap, kapag wala silang sinumang malalapitan, at kapag nadarama nila ang lalong kawalang-pag-asa, nagtitiwala sila sa Diyos bilang kanilang tanging pag-asa. Paano sila nananalangin? Ano ang kalagayan ng kanilang pag-iisip? Sila ba ay taimtim? Mayroon bang anumang di-dalisay sa panahong iyon? Kapag nagtitiwala ka sa Diyos na parang Siya ang huling hibla na makakapitan upang iligtas ang iyong buhay, umaasang tutulungan ka Niya, na taimtim ang iyong puso. Bagama't maaaring hindi ka gaanong nagsasalita, ang iyong puso ay naaantig na. Ibig sabihin, ibinibigay mo ang iyong taimtim na puso sa Diyos, at ang Diyos ay nakikinig. Kapag nakikinig ang Diyos, nakikita Niya ang iyong mga paghihirap, liliwanagan ka Niya, gagabayan ka, at tutulungan ka.

Hinango mula sa "Ang Mga Mananampalataya ay Dapat Munang Makaaninag sa Masasamang Kalakaran ng Mundo" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Gaano man kalaking katotohanan ang nauunawaan ng isang tao, gaano man karami ang mga tungkuling kanyang nagampanan, gaano man katindi ang dinanas ng isang tao habang ginagampanan ang mga

tungkuling iyon, gaano man kataas o kababa ang katayuan ng isang tao, o ano man ang uri ng kaligirang kanyang kinapapalooban, ang isang hindi dapat mawala sa kanya ay ang tumingala sa Diyos at umasa sa Kanya sa lahat ng kanyang gagawin. Ito ang pinakadakilang uri ng karunungan. Bakit Ko sinasabing ito ang pinakadakilang karunungan? Kahit pa naunawaan ng isang tao ang maraming katotohanan, sapat na ba ito kung hindi siya aasa sa Diyos? May mga tao na makaraang maniwala sa Diyos nang may katagalan ay nakauunawa na ng ilang katotohanan at nakaranas na ng ilang pagsubok. Maaaring may natamo na silang kaunting praktikal na karanasan, ngunit hindi nila alam kung paano umasa sa Diyos, o hindi nila nauunawaan kung paano tumingala sa Diyos at umasa sa Kanya. Nagtataglay ba ng karunungan ang ganoong mga tao? Sila ang pinakahangal sa lahat ng tao, at ang uri na ang palagay sa sarili ay napakatalino nila; hindi sila natatakot sa Diyos at hindi iwinawaksi ang masama. Sinasabi ng ilang tao: “Nauunawaan ko ang maraming katotohanan at nagtataglay ako ng katotohanang realidad. Ayos lamang na gawin ang mga bagay sa isang paraang may prinsipyo. Tapat ako sa Diyos, at alam ko kung paano maging malapit sa Diyos. Hindi pa ba sapat na umaasa ako sa katotohanan?” Kung doktrina ang pag-uusapan, mainam ang “Umasa sa katotohanan”. Gayunman, maraming pagkakataon at sitwasyon kung saan hindi alam ng mga tao kung ano ang katotohanan o kung ano ang mga katotohanang prinsipyo. Alam ito ng lahat ng may praktikal na karanasan. Halimbawa, kapag may makaharap kang ilang usapin, maaaring hindi mo alam kung paano isasagawa o ilalapat ang katotohanang may kabuluhan sa usaping ito. Ano ang dapat mong gawin sa mga pagkakataong tulad nito? Gaano man karami ang taglay mong praktikal na karanasan, hindi mo makakayang taglayin ang katotohanan sa lahat ng mga sitwasyon. Gaano man karaming taon kang naniwala sa Diyos, gaano mang karaming bagay ang naranasan mo, at gaano man karaming pagtatabas, pakikitungo, o pagdisiplina ang naranasan mo, ikaw ba ang pinagmumulan ng katotohanan? Sinasabi ng ilang tao: “Alam na alam ko ang mga kilalang pananalita at talatang iyon sa aklat na Ang Salita

ay Nagpapakita sa Katawang-tao; hindi ko na kailangang umasa sa Diyos o tumingala sa Kanya. Pagdating ng panahon, magiging maayos ako sa pamamagitan lamang ng pag-asa sa mga salitang ito ng Diyos." Hindi nagbabago ang mga salitang isinaulo mo, ngunit ang mga kapaligirang nakatagpo mo gayundin ang iyong mga katayuan ay pabago-bago. Ang pagkakaroon ng kaalaman sa mga literal na salita at pagsasalita tungkol sa maraming espirituwal na doktrina ay hindi nangangahulugan ng pagkaunawa sa katotohanan, at lalong hindi ito nangangahulugan ng pagkaunawa sa kalooban ng Diyos sa bawat sitwasyon. Kaya't may napakahalagang aral na matututuhan dito: Iyon ay ang pangangailangan ng mga tao na tumingala sa Diyos sa lahat ng bagay, at sa pagsasagawa nito, makakamtan nila ang pag-asa sa Diyos. Tanging sa pag-asa sa Diyos magkakaroon ang mga tao ng landas na susundan. Kung hindi magkagayon, may kung anong magagawa mong tama at naaayon sa mga katotohanang prinsipyo, ngunit kung hindi ka aasa sa Diyos, kung gayon ang mga pagkilos mo ay mga gawain lamang ng tao at hindi nangangahulugang nabibigyang-lugod mo na ang Diyos. Sapagkat may ganoong kababaw na pagkaunawa sa katotohanan ang mga tao, malamang na sumunod sila sa mga tuntunin at pilit na mangunyapit sa mga titik at doktrina sa pamamagitan ng paggamit ng gayunding katotohanan kapag nahaharap sa iba't ibang sitwasyon. Posible na makumpleto nila ang maraming bagay bilang pangkalahatang pag-alinsunod sa mga katotohanang prinsipyo, ngunit hindi makikita rito ang patnubay ng Diyos, o ng gawain ng Espiritu Santo. May malubhang problema rito, iyan ay ang mga tao na nagsasagawa ng maraming bagay na umaasa lang sa kanilang karanasan at sa mga tuntunin na naunawaan nila, at sa ilang paglalarawan sa isip ng tao. Halos hindi nila matamo ang pinakamahusay na resulta, na nagmumula sa malinaw na pag-unawa sa kalooban ng Diyos sa pamamagitan ng pagtingala sa Kanya at pagdarasal sa Kanya, at pagkaraan ay sa pag-asa sa gawain at gabay Niya. Dahil dito, sinasabi Ko na ang pinakadakilang karunungan ay ang tumingala sa Diyos at umasa sa Kanya sa lahat ng bagay.

Hinango mula sa “Ang Mga Mananampalataya ay Dapat Munang Makaaninag sa Masasamang Kalakaran ng Mundo” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

19. Ang mga Prinsipyo sa Pag-iingat ng isang Normal na Kaugnayan sa Diyos

(1) Dapat ihandog ng isang tao ang kanyang puso sa Diyos at hayaan Siyang maging panginoon nito. Sa lahat ng bagay, dapat manalangin ang tao sa Kanya at buksan ang kanyang puso sa Kanya, at maingatan ang isang normal na kaugnayan sa Kanya;

(2) Kinakailangang kumain at uminom ng mga salita ng Diyos nang normal, magbahagi nang madalas kasama ng iba tungkol sa katotohanan, pagtuunang isagawa ito, at suklian ang pagmamahal ng Diyos sa pamamagitan ng mabuting pagtupad ng tungkulin ng isang tao;

(3) Dapat mo ring tanggapin ang masusing pagsisiyasat ng Diyos sa lahat ng pagkakataon. Ipagpauna ang mga interes ng bahay ng Diyos at huwag magbalak ng masasamang pakana para sa pansariling kapakinabangan, kundi magpasakop sa lahat ng isinasaayos ng Diyos;

(4) Hanapin ang katotohanang prinsipyo sa lahat ng bagay, matakot sa Diyos at layuan ang kasamaan, hangaring makilala ang Diyos, at magsanay na mahalin Siya. Sa ganitong paraan, likas na hindi ka mahihiwalay sa Kanya.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Kumusta ang Kaugnayan Mo sa Diyos?

(Isang Piniling Kabanata ng Salita ng Diyos)

Sa paniniwala sa Diyos, kahit paano ay kailangan mong lutasin ang isyu tungkol sa pagkakaroon ng isang normal na kaugnayan sa Diyos. Kung wala kang normal na kaugnayan sa Diyos, nawawalan ng kabuluhan ang iyong paniniwala sa Diyos. Ang pagtatatag ng isang normal na kaugnayan sa Diyos ay lubos na nakakamtan sa pagkakaroon ng pusong tahimik sa presensya ng Diyos. Ang pagkakaroon ng normal na kaugnayan sa Diyos ay nangangahulugan ng kakayahang hindi pagdudahan o

tanggihan ang anuman sa Kanyang gawain at magpasakop sa Kanyang gawain. Nangangahulugan ito ng pagkakaroon ng mga tamang layunin sa presensya ng Diyos, hindi paggawa ng mga plano para sa sarili mo, at pagsasaalang-alang muna sa mga interes ng pamilya ng Diyos sa lahat ng bagay; nangangahulugan ito ng pagtanggap sa pagsusuri ng Diyos at pagsunod sa mga plano ng Diyos. Kailangan mong magawang patahimikin ang iyong puso sa presensya ng Diyos sa lahat ng iyong ginagawa. Kahit hindi mo nauunawaan ang kalooban ng Diyos, kailangan mo pa ring tuparin ang iyong mga tungkulin at responsibilidad sa abot ng iyong makakaya. Kapag nabunyag na sa iyo ang kalooban ng Diyos, kumilos ayon dito, at hindi na magiging huli ang lahat. Kapag naging normal ang iyong kaugnayan sa Diyos, magkakaroon ka rin ng normal na mga kaugnayan sa mga tao. Lahat ay itinatatag sa pundasyon ng mga salita ng Diyos. Kainin at inumin ang mga salita ng Diyos, pagkatapos ay isagawa ang mga kinakailangan ng Diyos, itama ang iyong mga pananaw, at iwasang gumawa ng anuman upang kalabanin ang Diyos o gambalain ang iglesia. Huwag gumawa ng anumang hindi mapapakinabangan sa buhay ng iyong mga kapatid, huwag magsalita ng anumang hindi nakakatulong sa iba, at huwag gumawa ng anumang kahiya-hiya. Maging makatarungan at marangal sa lahat ng bagay na ginagawa mo at tiyakin na bawat kilos mo ay kaaya-aya sa harap ng Diyos. Bagama’t maaaring mahina ang laman kung minsan, kailangan mong magawang unahin ang mga interes ng pamilya ng Diyos, nang walang pag-iimbot para sa sarili mong kapakinabangan, at kailangan mong makakilos nang matuwid. Kung makapagsasagawa ka sa ganitong paraan, magiging normal ang iyong kaugnayan sa Diyos.

Sa lahat ng ginagawa mo, kailangan mong siyasatin kung ang iyong mga layunin ay tama. Kung nagagawa mong kumilos ayon sa mga kinakailangan ng Diyos, ang iyong kaugnayan sa Diyos ay normal. Ito ang pinakamababang pamantayan. Usisain mo ang iyong mga layunin, at kung malaman mo na nagkaroon ng mga maling layunin, talikuran mo ang mga ito at kumilos ka ayon sa mga salita ng Diyos; sa gayon ay magiging isa

kang taong matuwid sa harap ng Diyos, na nagpapakita naman na ang iyong kaugnayan sa Diyos ay normal, at na lahat ng iyong ginagawa ay para sa kapakanan ng Diyos, hindi para sa iyong sariling kapakanan. Sa lahat ng iyong ginagawa at lahat ng iyong sinasabi, itama ang iyong puso at maging matuwid sa iyong mga kilos, at huwag patangay sa iyong mga damdamin, ni huwag kumilos ayon sa sarili mong kalooban. Ito ang mga prinsipyong kailangang sundin ng mga sumasampalataya sa Diyos sa kanilang pag-uugali. Ang maliliit na bagay ay maaaring ibunyag ang mga layunin at tayog ng isang tao, kaya nga, para makapasok ang isang tao sa landas ng pagpeperpekto ng Diyos, kailangan muna nilang ituwid ang kanilang mga layunin at ang kanilang kaugnayan sa Diyos. Kapag ang iyong kaugnayan sa Diyos ay normal, saka ka lamang Niya magagawang perpekto; saka lamang makakamtan ng pakikitungo, pagpupungos, pagdidisiplina, at pagpipino ng Diyos ang epektong nilayon ng mga ito sa iyo. Ibig sabihin, kung nagagawa ng mga tao na laging isapuso ang Diyos at hindi maghangad ng personal na pakinabang o isipin ang sarili nilang mga personal na inaasam (sa makamundong kahulugan), kundi sa halip ay dinadala nila ang pasanin ng pagpasok sa buhay, ginagawa nila ang lahat upang patuloy na hangarin ang katotohanan, at nagpapasakop sila sa gawain ng Diyos—kung magagawa mo ito, ang mga layunin na patuloy mong pinagsisikapan ay magiging tama, at ang iyong kaugnayan sa Diyos ay magiging normal. Ang pagtatama sa kaugnayan ng isang tao sa Diyos ay maaaring tawaging unang hakbang sa pagpasok sa espirituwal na paglalakbay. Bagama’t ang kapalaran ng tao ay nasa mga kamay ng Diyos at itinatakda ng Diyos, at hindi mababago ng tao, maaari ka mang gawing perpekto ng Diyos o maangkin Niya ay nakasalalay sa kung normal ang iyong kaugnayan sa Diyos. Maaaring may mga bahagi kang mahina at masuwayin—ngunit basta’t tama ang iyong mga pananaw at iyong mga layunin, at basta’t tama at normal ang iyong kaugnayan sa Diyos, karapat-dapat kang gawing perpekto ng Diyos. Kung hindi tama ang kaugnayan mo sa Diyos, at kumikilos ka para sa kapakanan ng laman o ng iyong pamilya, gaano ka man magsikap sa trabaho, mawawalan iyon ng saysay. Kung

ang iyong kaugnayan sa Diyos ay normal, lahat ng iba pa ay malalagay sa lugar. Wala nang ibang tinitingnan ang Diyos, kundi kung tama ang iyong mga pananaw sa iyong paniniwala sa Diyos: sino ang iyong pinaniniwalaan, para kaninong kapakanan ka naniniwala, at bakit ka naniniwala. Kung nagagawa mong makita nang malinaw ang mga bagay na ito at isinasagawa mo nang nasa tama ang iyong mga pananaw, susulong ka sa buhay mo, at garantisado ka ring makakapasok sa tamang landas. Kung hindi normal ang iyong kaugnayan sa Diyos, at lihis ang mga pananaw sa iyong paniniwala sa Diyos, walang-saysay ang lahat ng iba pa, at gaano katatag ka man naniniwala, wala kang mapapala. Matapos maging normal ang iyong kaugnayan sa Diyos, saka ka lamang magtatamo ng papuri mula sa Kanya kapag ikaw ay tumatalikod sa laman, nagdarasal, nagdurusa, nagtitiis, nagpapasakop, tumutulong sa iyong mga kapatid, gumugugol ng sarili mo nang higit pa para sa Diyos, at iba pa. May halaga at kabuluhan man ang ginagawa mo ay nakasalalay sa kung ang iyong mga layunin ay tama at kung ang iyong mga pananaw ay tama. Sa panahong ito, maraming taong naniniwala sa Diyos na para bang ikinikiling nila ang kanilang ulo para tumingin sa isang relo—ang kanilang mga pananaw ay baliko, at kailangang itama ang mga ito sa isang pambihirang tagumpay. Kung malutas ang problemang ito, magiging maayos ang lahat; kung hindi, lahat ay mawawalan ng saysay. Maayos ang kilos ng ilang tao sa Aking presensya, ngunit pagtalikod Ko, wala silang ibang ginagawa kundi labanan Ako. Ito ay isang pagpapamalas ng kabuktutan at panlilinlang, at ang ganitong uri ng tao ay isang lingkod ni Satanas; sila ang tipikal na sagisag ni Satanas, na dumating upang subukin ang Diyos. Ikaw ang angkop na tao kung nagagawa mo lamang na magpasakop sa Aking gawain at sa Aking mga salita. Basta’t nagagawa mong kainin at inumin ang mga salita ng Diyos; basta’t lahat ng ginagawa mo ay kaaya-aya sa harap ng Diyos at kumikilos ka nang makatarungan at marangal sa lahat ng iyong ginagawa; basta’t hindi ka gumagawa ng kahiya-hiyang mga bagay, o ng mga bagay na makapipinsala sa buhay ng iba; at basta’t nabubuhay ka sa liwanag at hindi mo tinutulutang pagsamantalahan ka ni

Satanas, nasa wastong kaayusan ang iyong kaugnayan sa Diyos.

Sa paniniwala sa Diyos, kailangan mong ilagay sa wastong kaayusan ang iyong mga layunin at pananaw; kailangan kang magkaroon ng tamang pagkaunawa at tamang pagtrato sa mga salita ng Diyos at sa gawain ng Diyos, sa lahat ng sitwasyong isinasaayos ng Diyos, sa taong pinatototohanan ng Diyos, at sa praktikal na Diyos. Hindi ka dapat magsagawa ayon sa sarili mong mga ideya o magplano ng sarili mong mga hamak na pakana. Anuman ang gawin mo, kailangan mong magawang hangarin ang katotohanan at, sa iyong posisyon bilang isang nilikha, magpasakop sa buong gawain ng Diyos. Kung gusto mong patuloy na sikapin na magawang perpekto ng Diyos at makapasok sa tamang landas ng buhay, kailangang mabuhay palagi ang puso mo sa presensya ng Diyos. Huwag magpakasama, huwag sundan si Satanas, huwag bigyan si Satanas ng anumang mga pagkakataong isagawa ang gawain nito, at huwag hayaang kasangkapanin ka ni Satanas. Kailangan mong ibigay nang lubusan ang sarili mo sa Diyos at hayaang pamahalaan ka ng Diyos.

Handa ka bang maging lingkod ni Satanas? Handa ka bang pagsamantalahan ni Satanas? Naniniwala ka ba sa Diyos at patuloy mo ba Siyang sinusundan upang magawa ka Niyang perpekto, o upang ikaw ay maging isang hambingan para sa gawain ng Diyos? Mas gugustuhin mo ba ang isang makabuluhang buhay kung saan inaangkin ka ng Diyos, o ang isang walang-kuwenta at hungkag na buhay? Mas gusto mo bang kasangkapanin ka ng Diyos, o pagsamantalahan ni Satanas? Mas gusto mo bang hayaang mapuspos ka ng mga salita at katotohanan ng Diyos, o hayaang puspusin ka ng kasalanan at ni Satanas? Isiping mabuti ang mga bagay na ito. Sa iyong pang-araw-araw na buhay, kailangan mong maunawaan kung alin ang mga salitang sasabihin mo at ang mga bagay na maaaring magsanhi ng abnormalidad sa iyong kaugnayan sa Diyos, at pagkatapos ay ituwid ang iyong sarili at pumasok sa tamang paraan. Sa lahat ng pagkakataon, suriin ang iyong mga salita, ang iyong mga kilos, ang iyong bawat hakbang, at lahat ng iyong saloobin at ideya. Magtamo ng wastong pagkaunawa tungkol sa iyong tunay na kalagayan at pumasok sa

landas ng gawain ng Banal na Espiritu. Ito lamang ang paraan para magkaroon ng normal na kaugnayan sa Diyos. Sa pagsusuri kung normal ang iyong kaugnayan sa Diyos, magagawa mong itama ang iyong mga layunin, maunawaan ang kalikasang diwa ng tao, at tunay na maunawaan ang iyong sarili, at, sa paggawa nito, magagawa mong makapasok sa mga tunay na karanasan, talikdan ang iyong sarili sa isang tunay na paraan, at sadyaing magpasakop. Habang dinaranas mo ang mga bagay na ito tungkol sa kung ang iyong kaugnayan sa Diyos ay normal o hindi, makakahanap ka ng mga pagkakataong magawang perpekto ng Diyos at magagawa mong maunawaan ang maraming kalagayan ng Banal na Espiritu. Magagawa mo ring makita ang marami sa mga panloloko ni Satanas at matalos ang mga pakikipagsabwatan nito. Ang landas na ito lamang ang humahantong sa pagpeperpekto ng Diyos. Itama mo ang iyong kaugnayan sa Diyos, upang makapagpasakop ka nang lubusan sa Kanyang mga plano, at makapasok ka nang mas malalim sa tunay na karanasan at makatanggap ng mas marami pang gawain ng Banal na Espiritu. Kapag isinagawa mo ang pagkakaroon ng isang normal na kaugnayan sa Diyos, kadalasan, magtatagumpay ka sa pamamagitan ng pagtalikod sa laman at tunay na pakikipagtulungan sa Diyos. Dapat mong maunawaan na “kung wala ang pusong nakikipagtulungan, mahirap tanggapin ang gawain ng Diyos; kung hindi nagdurusa ang laman, walang mga pagpapala mula sa Diyos; kung hindi nagpupunyagi ang espiritu, hindi mapapahiya si Satanas.” Kung isinasagawa mo ang mga prinsipyong ito at lubos mong nauunawaan ang mga ito, maitatama ang mga pananaw ng iyong paniniwala sa Diyos. Sa inyong kasalukuyang pagsasagawa, kailangan ninyong alisin sa inyong isipan ang pananaw na “lahat ay ginagawa ng Banal na Espiritu at hindi nagagawang makialam ng mga tao.” Iniisip ng lahat ng nagsasabi nito, “Magagawa ng mga tao ang anumang nais nila, at pagdating ng panahon, gagawin ng Banal na Espiritu ang Kanyang gawain. Hindi na kailangang pigilan ng mga tao ang laman o makipagtulungan; ang mahalaga ay maantig sila ng Banal na Espiritu.” Ang mga opinyong ito ay kakatwang lahat. Sa ilalim ng gayong sitwasyon, hindi

nakakagawa ang Banal na Espiritu. Ito ang uri ng pananaw na lubos na nakakahadlang sa gawain ng Banal na Espiritu. Kadalasan, ang gawain ng Banal na Espiritu ay natatamo sa pamamagitan ng pagtutulungan ng mga tao. Yaong mga hindi nakikipagtulungan at walang matibay na pagpapasiya, subalit nais magtamo ng pagbabago sa kanilang disposisyon at tumanggap ng gawain ng Banal na Espiritu at ng kaliwanagan at pagpapalinaw mula sa Diyos, ay talagang maluho ang mga saloobin. Ito ay tinatawag na “pagpapaluho sa sarili at pagpapatawad kay Satanas.” Ang gayong mga tao ay walang normal na kaugnayan sa Diyos. Dapat kang makakita ng maraming pagbubunyag at pagpapakita ng napakasamang disposisyon sa iyong kalooban at makakita ng anumang mga pagsasagawa mo na salungat sa mga kinakailangan ng Diyos ngayon. Magagawa mo na bang talikdan si Satanas ngayon? Dapat kang magtamo ng normal na kaugnayan sa Diyos, kumilos alinsunod sa mga layunin ng Diyos, at maging isang bagong tao na may bagong buhay. Huwag mong palaging isipin ang mga dating paglabag; huwag kang masyadong malungkot; manindigan at makipagtulungan sa Diyos, at tuparin ang mga tungkuling dapat mong gampanan. Sa ganitong paraan, ang iyong kaugnayan sa Diyos ay magiging normal.

Kung sinasabi mo lamang, matapos basahin ito, na tinatanggap mo ang mga salitang ito, subalit hindi pa rin naaantig ang iyong puso, at hindi ka naghahangad na gawing normal ang iyong kaugnayan sa Diyos, pinatutunayan nito na hindi mo pinahahalagahan ang iyong kaugnayan sa Diyos. Pinatutunayan nito na ang iyong mga pananaw ay hindi pa naitatama, na ang iyong mga layunin ay hindi pa nakatalagang makamit ng Diyos at dulutan Siya ng kaluwalhatian, kundi sa halip ay nakatalagang tulutang manaig ang mga pakikipagsabwatan ni Satanas at makamit ang sarili mong mga layunin. Ang gayong mga tao ay nagkikimkim ng mga maling layunin at pananaw. Anuman ang sinasabi ng Diyos o kung paano man Niya ito sinasabi, nananatiling lubos na walang interes at ni hindi nagbabago ang gayong mga tao. Hindi nakadarama ng anumang takot ang kanilang puso at hindi sila nahihiya. Ang ganitong uri ng tao ay isang

walang-kaluluwang mangmang. Basahin ang bawat pahayag ng Diyos at isagawa ang mga ito sa sandaling maunawaan mo ang mga ito. Marahil ay may mga pagkakataon na mahina ang iyong laman, o naging suwail ka, o lumaban ka; paano ka man kumilos noong araw, maliit na bagay lamang iyan, at hindi nito mahahadlangan ang paglago ng iyong buhay ngayon. Basta't maaari kang magkaroon ng normal na kaugnayan sa Diyos ngayon, may pag-asa. Kung may pagbabago sa iyo tuwing babasahin mo ang mga salita ng Diyos, at masasabi ng iba na naging mas mabuti na ang iyong buhay, ipinakikita nito na normal na ang iyong kaugnayan sa Diyos, na naitama na ito. Hindi tinatrato ng Diyos ang mga tao ayon sa kanilang mga paglabag. Kapag nakaunawa ka na at nagkaroon ng kamalayan, basta't makakatigil ka sa pagsuway o paglaban, mahahabag pa rin ang Diyos sa iyo. Kung taglay mo ang pagkaunawa at matibay na pagpapasiya na patuloy na hangaring magawang perpekto ng Diyos, magiging normal ang iyong kalagayan sa presensya ng Diyos. Anuman ang iyong ginagawa, isaalang-alang ang mga sumusunod habang ginagawa mo ito: Ano ang iisipin ng Diyos kapag ginawa ko ito? Makikinabang ba rito ang aking mga kapatid? Magiging kapaki-pakinabang ba ito sa gawain ng tahanan ng Diyos? Sa pagdarasal man, sa pagbabahagi, sa pananalita, sa gawain, o sa pakikisalamuha sa iba, suriin ang iyong mga layunin, at tingnan kung normal ang iyong kaugnayan sa Diyos. Kung hindi mo mahiwatigan ang sarili mong mga layunin at saloobin, ibig sabihin ay wala kang pagtatangi, na nagpapatunay na kakaunting katotohanan lamang ang iyong nauunawaan. Kung nagagawa mong maunawaan nang malinaw ang lahat ng ginagawa ng Diyos, at nahihiwatigan mo ang mga bagay-bagay alinsunod sa Kanyang mga salita, pumapanig sa Kanya, magiging tama na ang iyong mga pananaw. Samakatuwid, ang pagtatatag ng mabuting kaugnayan sa Diyos ang pinakamahalaga sa sinumang naniniwala sa Diyos; dapat itong tratuhin ng lahat bilang isang gawaing napakahalaga at napakalaking kaganapan sa kanilang buhay. Lahat ng iyong ginagawa ay nasusukat sa kung ikaw ay may normal na kaugnayan sa Diyos. Kung normal ang iyong kaugnayan sa Diyos at tama ang iyong mga layunin,

kumilos. Para mapanatili ang normal na kaugnayan sa Diyos, huwag kang matakot na makaranas ng mga kawalan sa iyong mga personal na interes; hindi mo maaaring tulutang manaig si Satanas, hindi mo maaaring tulutan si Satanas na maangkin ka, at hindi mo maaaring tulutan si Satanas na gawin kang katawa-tawa. Ang pagkakaroon ng gayong mga layunin ay isang tanda na ang iyong kaugnayan sa Diyos ay normal—hindi para sa kapakanan ng laman, kundi para sa kapayapaan ng espiritu, ito ay para matamo ang gawain ng Banal na Espiritu, at para mapalugod ang kalooban ng Diyos. Para makapasok sa tamang kalagayan, kailangan mong magtatag ng mabuting kaugnayan sa Diyos at itama ang iyong mga pananaw tungkol sa iyong paniniwala sa Diyos. Ito ay upang maangkin ka ng Diyos, at upang maipakita Niya ang mga bunga ng Kanyang mga salita sa iyo at liwanagan at pagliwanagin ka pa. Sa ganitong paraan, makakapasok ka na sa tamang paraan. Patuloy na kumain at uminom ng mga salita ng Diyos sa ngayon, pumasok sa kasalukuyang paraan ng paggawa ng Banal na Espiritu, kumilos ayon sa mga kinakailangan ng Diyos sa ngayon, huwag sundin ang makalumang mga pamamaraan ng pagsasagawa, huwag kumapit sa dating mga paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay, at pumasok sa kasalukuyang paraan ng paggawa sa lalong madaling panahon. Sa gayon, ang iyong kaugnayan sa Diyos ay magiging ganap na normal at makakapasok ka na sa tamang landas ng paniniwala sa Diyos.

mula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa ngayon, ang landas na tinatahak ng Banal na Espiritu ay ang kasalukuyang mga salita ng Diyos. Sa gayon, kung tatahak ang mga tao sa landas ng Banal na Espiritu, kailangan niyang sundin, at kainin at inumin, ang kasalukuyang mga salita ng Diyos na nagkatawang-tao. Ang gawaing Kanyang ginagawa ay ang gawain ng mga salita; lahat ay nagsisimula sa Kanyang salita, at lahat ay nakasalig sa Kanyang mga salita, sa Kanyang kasalukuyang mga salita. Pagiging tiyak man tungkol sa Diyos na nagkatawang-tao, o pagkilala sa Diyos na nagkatawang-tao, bawat isa ay

nangangailangan ng higit na pagsisikap sa Kanyang mga salita. Kung hindi, walang maisasagawa ang mga tao at walang matitirang anuman sa kanila. Tanging sa pagsalig lamang sa pundasyon ng pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, at sa gayon ay makilala Siya at mapalugod Siya, maaaring unti-unting makabuo ng normal na kaugnayan sa Diyos ang mga tao. Para sa tao, wala nang mas mabuting pakikipagtulungan sa Diyos kaysa sa pagkain at pag-inom ng Kanyang mga salita at pagsasagawa ng mga ito. Sa pamamagitan ng gayong pagsasagawa higit nilang nagagawang manindigan sa kanilang patotoo tungkol sa mga tao ng Diyos. Kapag nauunawaan at nagagawang sundin ng mga tao ang diwa ng kasalukuyang mga salita ng Diyos, nabubuhay sila sa landas ng pagiging nagabayan ng Banal na Espiritu, at nakatahak na sa tamang landas ng pagpeperpekto ng Diyos sa tao. Dati-rati, maaaring matamo ng mga tao ang gawain ng Diyos sa pamamagitan ng paghahangad lamang sa biyaya ng Diyos, o sa paghahangad ng kapayapaan at kagalakan, ngunit iba na ngayon ang mga bagay-bagay. Kung wala ang mga salita ng Diyos na nagkatawang-tao, kung wala ang realidad ng Kanyang mga salita, hindi makakamit ng mga tao ang pagsang-ayon ng Diyos at aalisin silang lahat ng Diyos. Upang magkamit ng normal na espirituwal na buhay, dapat munang kainin at inumin ng mga tao ang mga salita ng Diyos at isagawa ang mga ito, at pagkatapos, sa pundasyong ito, ay magtatag ng normal na kaugnayan sa Diyos.

Hinango mula sa “Ang mga Taong Nagbago Na ang Disposisyon ay Yaong mga Nakapasok Na sa Realidad ng mga Salita ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Pinaniniwalaan, minamahal, at pinalulugod ng mga tao ang Diyos sa pamamagitan ng paghaplos sa Espiritu ng Diyos gamit ang kanilang puso at sa gayon ay pagkakamit ng Kanyang kaluguran, at sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga salita ng Diyos gamit ang kanilang puso at sa gayon ay pagkaantig nila ng Espiritu ng Diyos. Kung nais mong magkaroon ng isang normal na espirituwal na buhay at magtatag ng isang normal na kaugnayan sa Diyos, kailangan mo munang ibigay ang iyong puso sa

Kanya. Pagkatapos mong mapatahimik ang iyong puso sa Kanyang harapan at maibuhos ang buong puso mo sa Kanya, saka mo lamang unti-unting magagawang magkakaroon ng isang normal na espirituwal na buhay. Kung hindi ibinibigay ng mga tao ang kanilang puso sa Diyos sa kanilang pananalig sa Kanya, at kung ang kanilang puso ay wala sa Kanya at hindi nila tinatrato ang Kanyang pasanin bilang sarili nila, lahat ng kanilang ginagawa ay pandaraya sa Diyos, isang tipikal na kilos ng mga taong relihiyoso, at hindi makatatamo ng papuri ng Diyos. Walang mapapala ang Diyos sa ganitong klaseng tao; ang ganitong klaseng tao ay maaari lamang magsilbing hadlang sa gawain ng Diyos, kagaya ng isang palamuti sa tahanan ng Diyos, isang bagay na kalabisan at walang silbi. Hindi kinakasangkapan ng Diyos ang ganitong klaseng tao. Sa gayong tao, hindi lamang walang pagkakataon para sa gawain ng Banal na Espiritu, wala ring anumang halaga para gawin silang perpekto. Ang ganitong klaseng tao, sa totoo lang, ay isang naglalakad na bangkay. Walang taglay na anuman ang mga taong ganito para maging kasangkapan ng Banal na Espiritu, kundi taliwas dito, silang lahat ay naangkin na at malalim nang nagawang tiwali ni Satanas. Lilipulin ng Diyos ang mga taong ito. Sa kasalukuyan, sa pagkasangkapan sa mga tao, hindi lamang ginagamit ng Banal na Espiritu ang mga bahagi nilang iyon na kanais-nais upang magawa ang mga bagay-bagay, pineperpekto at binabago rin Niya ang mga bahagi nilang hindi kanais-nais. Kung maibubuhos ang puso mo sa Diyos at mananatiling tahimik sa Kanyang harapan, magkakaroon ka ng pagkakataon at mga kwalipikasyong maging kasangkapan ng Banal na Espiritu, upang matanggap ang kaliwanagan at pagpapalinaw ng Banal na Espiritu, at bukod pa riyan, magkakaroon ka ng pagkakataon para makabawi sa Banal na Espiritu sa iyong mga pagkukulang. Kapag ibinigay mo ang puso mo sa Diyos, ang maganda, makakatamo ka ng mas malalim na pagpasok at makakatamo ka ng mas mataas na kabatiran; ang hindi maganda, mas mauunawaan mo ang iyong sariling mga pagkakamali at pagkukulang, magiging mas masigasig kang hangarin na mapalugod ang kalooban ng Diyos, at hindi ka magiging balintiyak, kundi aktibo kang

papasok. Sa gayon, magiging isa kang tamang tao. Ipagpalagay nang kaya ng puso mo na manatiling tahimik sa harap ng Diyos, ang susi kung tumatanggap ka ng papuri mula sa Banal na Espiritu o hindi, at kung napapalugod mo ang Diyos o hindi, ay kung aktibo kang makakapasok. Kapag nililiwanagan ng Banal na Espiritu ang isang tao at kinakasangkapan sila, hindi sila nito ginagawang negatibo kailanman kundi lagi silang aktibong pinasusulong. Bagama't mayroong mga kahinaan ang taong ito, maiiwasan nilang ibatay ang paraan ng kanilang pamumuhay sa mga kahinaang iyon. Maiiwasan nilang maantala ang paglago ng kanilang buhay, at patuloy na hahangaring mapalugod ang kalooban ng Diyos. Ito ay isang pamantayan. Kung matatamo ninyo ito, sapat na patunay ito na nakamit mo na ang presensya ng Banal na Espiritu. Kung palaging negatibo ang isang tao, at kung, matapos man silang tumanggap ng kaliwanagan at makilala ang kanilang sarili, nananatili pa rin silang negatibo at balintiyak at hindi magawang tumayo at kumilos na kasabay ng Diyos, tinatanggap lamang ng ganitong klaseng tao ang biyaya ng Diyos, ngunit hindi sumasakanila ang Banal na Espiritu. Kapag negatibo ang isang tao, ibig sabihin ay hindi pa bumabaling ang kanilang puso sa Diyos at hindi pa naaantig ng Espiritu ng Diyos ang kanilang espiritu. Dapat itong maunawaan ng lahat.

Hinango mula sa "Napakahalagang Magtatag ng Isang Normal na Kaugnayan sa Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung nais mong magkaroon ng normal na kaugnayan sa Diyos, kailangang bumaling ang puso mo sa Diyos. Sa pundasyong ito, magkakaroon ka rin ng normal na kaugnayan sa ibang tao. Kung wala kang normal na kaugnayan sa Diyos, anuman ang gawin mo upang mapanatili ang iyong kaugnayan sa ibang tao, gaano ka man magsumikap o gaanong lakas man ang iyong ibuhos, tutukoy lamang ang lahat ng ito sa isang pilosopiya ng tao sa pamumuhay. Pinananatili mo ang iyong katayuan sa mga tao sa pamamagitan ng isang pananaw ng tao at isang pilosopiya ng tao upang purihin ka ng mga tao, ngunit hindi mo sinusunod

ang salita ng Diyos para magtatag ng mga normal na kaugnayan sa mga tao. Kung hindi ka magtutuon ng pansin sa iyong mga kaugnayan sa mga tao kundi magpapanatili ng isang normal na kaugnayan sa Diyos, kung handa kang ibigay ang puso mo sa Diyos at matututong sundin Siya, natural lamang na magiging normal ang iyong mga kaugnayan sa lahat ng tao. Sa ganitong paraan, hindi itinatatag ang mga kaugnayang ito sa laman, kundi sa pundasyon ng pagmamahal ng Diyos. Halos walang pakikipag-ugnayan sa laman, ngunit sa espiritu ay may pagsasamahan, pagmamahalan, kapanatagan sa isa't isa, at paglalaan para sa isa't isa. Lahat ng ito ay ginagawa sa pundasyon ng isang pusong nakakalugod sa Diyos. Ang mga kaugnayang ito ay hindi pinananatili sa pag-asa sa pilosopiya ng tao sa pamumuhay, kundi likas na likas na nabubuo sa pamamagitan ng pagdadala ng isang pasanin para sa Diyos. Hindi nito kinakailangan ang pagsisikap na gawa ng tao. Kailangan mo lamang magsagawa ayon sa prinsipyong salita ng Diyos. Handa ka bang isaalang-alang ang kalooban ng Diyos? Handa ka bang maging isang taong "walang katwiran" sa harap ng Diyos? Handa ka bang ibigay nang lubusan ang puso mo sa Diyos at balewalain ang iyong katayuan sa mga tao? Sa lahat ng taong nakakasalamuha mo, kanino ka may pinakamagagandang kaugnayan? Kanino ka may pinakamasasamang kaugnayan? Normal ba ang mga kaugnayan mo sa mga tao? Tinatrato mo ba nang pantay-pantay ang lahat ng tao? Pinananatili mo ba ang iyong mga kaugnayan sa iba ayon sa iyong pilosopiya sa pamumuhay, o nakatatag ba ang mga ito sa pundasyon ng pagmamahal ng Diyos? Kapag hindi ibinibigay ng isang tao ang kanyang puso sa Diyos, ang kanyang espiritu ay nagiging mapurol, manhid at walang malay. Hindi mauunawaan ng ganitong klaseng tao ang mga salita ng Diyos kailanman at hindi magkakaroon ng normal na kaugnayan sa Diyos kailanman; ang disposisyon ng ganitong klaseng tao ay hindi kailanman magbabago. Ang pagbabago sa disposisyon ng isang tao ay ang proseso ng lubusang pagbibigay ng isang tao ng kanyang puso sa Diyos, at ng pagtanggap ng kaliwanagan at paglilinaw mula sa mga salita ng Diyos. Ang gawain ng Diyos ay maaaring pahintulutan ang isang

tao na aktibong makapasok, at tulungan din silang alisin ang kanilang mga negatibong aspeto pagkatapos malaman ang mga ito. Kapag umabot ka sa punto ng pagbibigay ng puso mo sa Diyos, mahihiwatigan mo ang bawat banayad na pagkilos sa iyong espiritu, at malalaman mo ang bawat kaliwanagan at paglilinaw na natatanggap mula sa Diyos. Kumapit dito, at unti-unti kang papasok sa landas ng pagpeperpekto ng Banal na Espiritu. Kapag mas tahimik ang puso mo sa harap ng Diyos, magiging mas sensitibo at maselan ang iyong espiritu at mas mahihiwatigan ng iyong espiritu kung paano ito inaantig ng Banal na Espiritu, at sa gayon ay magiging mas normal ang iyong kaugnayan sa Diyos. Ang isang normal na kaugnayan sa pagitan ng mga tao ay itinatatag sa pundasyon ng pagbibigay ng kanilang puso sa Diyos, at hindi sa pamamagitan ng pagsisikap ng tao. Kung wala ang Diyos sa kanilang puso, ang mga kaugnayan sa pagitan ng mga tao ay mga kaugnayan lamang ng laman. Hindi normal ang mga ito, kundi sa halip ay pagpapalayaw sa pagnanasa ng laman. Mga kaugnayan ang mga ito na kinamumuhian ng Diyos, na Kanyang kinasusuklaman. Kung sasabihin mo na ang iyong espiritu ay naantig, ngunit gusto mo palaging makisalamuha sa mga taong gusto mo, sa sinumang tinitingala mo, at kung may ibang taong naghahangad ngunit hindi mo sila gusto, at mayroon ka pang ayaw sa kanila at ayaw mo silang pakisamahan, dagdag na patunay ito na maramdamin ka at ni wala ka man lang normal na kaugnayan sa Diyos. Tinatangka mong linlangin ang Diyos at ikubli ang sarili mong kapangitan. Kahit may maibabahagi kang kaunting pagkaunawa subalit mali ang iyong mga layon, lahat ng ginagawa mo ay mabuti lamang ayon sa mga pamantayan ng tao. Hindi ka pupurihin ng Diyos—kumikilos ka ayon sa laman, hindi ayon sa pasanin ng Diyos. Kung nagagawa mong patahimikin ang puso mo sa harap ng Diyos at mayroon kang normal na pakikipag-ugnayan sa lahat ng nagmamahal sa Diyos, saka ka lamang angkop na kasangkapanin ng Diyos. Sa ganitong paraan, gaano ka man nakikisalamuha sa iba, hindi ito magiging ayon sa isang pilosopiya sa pamumuhay, kundi magiging sa harap ng Diyos, pamumuhay sa isang paraan na nagsasaalang-alang sa Kanyang pasanin. Ilan ang

mga taong kagaya nito sa inyo? Talaga bang normal ang mga kaugnayan mo sa iba? Sa anong pundasyon nakatatag ang mga ito? Ilang pilosopiya sa pamumuhay ang nasa iyong kalooban? Itinakwil mo na ba ang mga ito? Kung hindi lubos na makabaling ang puso mo sa Diyos, hindi ka maka-Diyos—mula ka kay Satanas, at ibabalik ka kay Satanas sa bandang huli. Hindi ka karapat-dapat na makabilang sa mga tao ng Diyos. Lahat ng ito ay nangangailangan ng iyong maingat na pagsasaalang-alang.

Hinango mula sa "Napakahalagang Magtatag ng Isang Normal na Kaugnayan sa Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

20. Ang mga Prinsipyong Dapat Sundin sa Pagpasok sa Buhay

(1) Magbasa man lamang ng kahit isang talata ng mga salita ng Diyos bawat araw, at bulay-bulayin ang mga ito hanggang sa maintindihan mo ang liwanag ng mga ito at ang isang landas ng pagsasagawa. Sumipi ng ilan sa mga katotohanan bawat araw;

(2) Sa isa man lamang na bagay bawat araw, sanayin ang iyong sarili na hanapin ang katotohanan; hanapin kung ano ang hinihingi ng Diyos mula sa tao, at matutuhang isagawa ang katotohanan, at magpasakop sa Diyos;

(3) Muni-muniin kada araw ang bawat salita at nagawa mo na isinasaalang-alang ang mga salita ng Diyos. Hanapin ang mga bagay na iyon na nakalabag sa katotohanang prinsipyo, sabihin ang mga ito sa Diyos sa panalangin, at magsisi sa Kanya;

(4) Kinakailangang sanayin ang sarili upang maging isang matapat na tao. Sa lahat ng bagay, siyasatin kung tumpak ba ang iyong pananalita, kung ang intensyon mo ba ay manlinlang, at kung nagpapakatapat ka ba sa iba;

(5) Sanayin ang sarili na tingnan ang mga tao at pangyayari na isinasaalang-alang ang mga salita ng Diyos, at matutuhang makilala ang mga huwad na lider, anticristo, at hindi mananampalataya. Dapat ka lamang kumilala sa Diyos at sumunod kay Cristo.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ano ang pagpasok sa buhay? Ang pagpasok sa buhay ay isang pagbabago sa buhay ng isang tao, sa kanilang mga kilos, sa direksyon ng buhay nila, at sa layuning hinahangad nila. Ang pagiging hangal at ignorante sa nakaraan, at ang laging pagkilos alinsunod sa mga saloobin, kuro-kuro, at haka-haka ng laman, ang isang tao ngayon, sa pamamagitan ng mga pagpapahayag, pagdidilig, at pagkakaloob ng Diyos, ay maaaring maunawaang dapat silang kumilos alinsunod sa Salita ng Diyos. Dagdag dito, ang taong ito ay sumailalim sa isang pagbabago, batay sa mga salita ng Diyos, sa pang-araw-araw na buhay, patungkol sa kanilang mga pananaw at istilo ng pag-uugali, at patungkol sa kanilang direksyon at mga layunin sa buhay. Ito ang pagpasok sa buhay. Ano ang batayan ng pagpasok sa buhay? (Ang mga salita ng Diyos.) Pangunahin itong nauugnay sa mga salita ng Diyos at sa katotohanan. Hindi mahihiwalay ang pagpasok sa buhay sa mga salita ng Diyos; hindi ito mahihiwalay sa katotohanan. Ano ang mamamalas sa mga taong nakamit ang pagpasok sa buhay? Nagagawa nilang umasa sa mga salita ng Diyos upang mabuhay; ang kanilang mga kilos, pananalita, at saloobin tungkol sa mga suliranin, pagtingin, paninindigan, at pananaw, ay lahat umaasa sa mga salita ng Diyos at sa katotohanan. Ito ang mga pagpapahayag ng pagkakamit ng pagpasok sa buhay.

Hinango mula sa “Tanging sa Paghahanap lamang ng Kaatotohanan may Pagpasok sa Buhay” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sa iyong pagpasok sa buhay, dapat mong ibuhos man lang ang iyong puso sa mga salita ng Diyos, at magawang tanggapin ang paghatol at pagkastigo ng mga salita ng Diyos; ang iyong puso ay dapat manabik sa Diyos, dapat mong hangarin ang malalim na pagpasok sa katotohanan, at ang mga layunin na hinihingi ng Diyos. Kung tinataglay mo ang ganitong lakas, nagpapakita ito na ikaw ay naantig na ng Diyos, at ang iyong puso ay nagsimula nang bumaling sa Diyos.

Ang unang hakbang sa pagpasok sa buhay ay ang ibuhos mo nang

ganap ang iyong puso sa mga salita ng Diyos, at ang ikalawang hakbang ay ang tanggapin na maantig ng Banal na Espiritu. Ano ang epekto na matatamo sa pagtanggap na maantig ng Banal na Espiritu? Ito ay ang magawang manabik, hangarin, at saliksikin ang isang mas malalim na katotohanan, at magawang makipagtulungan sa Diyos sa isang positibong paraan. Sa kasalukuyan, nakikipagtulungan ka sa Diyos, na ang ibig sabihin ay mayroong layunin sa iyong paghahangad, sa iyong mga panalangin, at sa iyong pakikipagniig sa mga salita ng Diyos, at iyong ginagampanan ang iyong tungkulin alinsunod sa mga hinihingi ng Diyos—ito lamang ang pakikipagtulungan sa Diyos. Kung magsasalita ka lamang ukol sa pagtutulot na kumilos ang Diyos, ngunit hindi ka gumagawa ng anumang pagkilos, hindi nananalangin o naghahangad, maaari ba itong tawaging pakikipagtulungan? Kung wala kang taglay na anumang pakikipagtulungan sa iyo, at nawalan ka ng pagsasanay para sa pagpasok na mayroong layunin, hindi ka nakikipagtulungan. Sinasabi ng ilang tao: “Ang lahat ay nakasalalay sa pagtatalaga ng Diyos, lahat ng ito ay ginagawa ng Diyos Mismo; kung hindi ito ginawa ng Diyos, paano pa kaya ng tao?” Ang gawain ng Diyos ay normal, at wala ni katiting na higit sa karaniwan, at sa pamamagitan lamang ng iyong aktibong paghahangad kaya gumagawa ang Banal na Espiritu, sapagkat hindi pinipilit ng Diyos ang tao—dapat mong bigyan ang Diyos ng pagkakataon na gumawa, at kung hindi ka maghahangad o papasok, at kung wala ni katiting na kasabikan sa iyong puso, ang Diyos ay walang pagkakataon na gumawa. Sa anong landas ka makakapaghangad na maantig ng Diyos? Sa pamamagitan ng panalangin at paglapit sa Diyos. Ngunit ang pinakamahalaga, tandaan mo, ito ay dapat sa saligan ng mga salita na sinabi ng Diyos. Kapag ikaw ay madalas na antigin ng Diyos, hindi ka alipin ng laman: Asawa, mga anak, at salapi—walang kakayahan ang lahat ng ito na igapos ka, at nais mo lamang hangarin ang katotohanan at mabuhay sa harap ng Diyos. Sa panahong ito, ikaw ay magiging isang tao na nabubuhay sa dako ng kalayaan.

Hinango mula sa “Alamin ang Pinakabagong Gawain ng Diyos at Sumunod sa Kanyang mga

Ano ang pangunahing bagay na dapat unawain ng isang tao kapag naghahanap na maabot ang pagpasok sa buhay? Ito ay na sa lahat ng salitang sinambit ng Diyos, anumang aspeto ang tinutukoy ng mga ito, dapat mong alamin kung ano ang hinihingi at mga pamantayan Niya sa mga tao, at mula sa mga ito ay maghanap ka ng isang landas ng pagsasagawa. Dapat mong gamitin ang mga ito upang suriin ang iyong inaasal at pananaw sa buhay, at suriin din ang lahat ng iyong mga sitwasyon at mga sinasabi na taliwas sa mga ito. Higit sa lahat dapat mong alamin ang mga pamantayang ito para malaman kung paano mo dapat gawin ang mga bagay-bagay, paano mo masusunod ang kalooban ng Diyos habang ginagampanan mo ang iyong mga tungkulin, at paano ka makakakilos nang nakaayon sa mga kinakailangan ng Diyos. Maging isang tao na may realidad ng katotohanan, huwag iyong puro ka lamang salita at doktrina at teoriya. Huwag kang magkunwaring espirituwal; huwag maging isang huwad na taong espirituwal. Dapat mong pagtuunan ang pagsasabuhay at paggamit ng mga salita ng Diyos upang ihambing at pagnilayan ang sarili mong mga katayuan, at pagkatapos ay baguhin ang pananaw at saloobin mo sa pagharap sa bawat uri ng sitwasyon. Sa huli, makakapagpitagan ka sa Diyos sa bawat sitwasyon, at hindi ka na kikilos nang padalus-dalos o susunod sa sarili mong mga ideya, ginagawa kung ano ang gusto mo, o namumuhay sa loob ng tiwaling disposisyon. Sa halip, lahat ng iyong ikikilos at sasabihin ay magiging batay sa mga pagbigkas ng Diyos at ayon sa katotohanan; dahil dito, unti-unting uusbong ang pagpipitagan mo sa Diyos. Naibubunga ang isang pusong may takot sa Diyos habang patuloy na naghahabol sa katotohanan; hindi ito bunga ng pagpipigil. Ang tanging ibinubunga ng pagpipigil ay isang uri ng pag-uugali, ngunit iyan ay isang uri ng panlabas na pagpipigil. Ang tunay na pagpipitagan sa Diyos ay nagmumula sa—habang naniniwala sa Diyos—pagkaunawa sa katotohanan, pamumuhay ayon sa katotohanan, dahan-dahang binabawasan ang tiwaling disposisyon nang higit kaysa rati, at unti-

unting pinabubuti ang katayuan ng isang tao upang siya ay madalas na nakalalapit sa Diyos; ito ang uri ng proseso na nagbubunga ng tunay na pagpipitagan. Kapag nangyari iyan, malalaman mo kung ano ang kahulugan ng magpitagan sa Diyos at kung ano ang pakiramdam nito, at mapagtatanto mo kung anong pag-uugali, anong katayuan, at anong disposisyon ang dapat taglayin ng mga tao bago sila tunay na magkaroon ng takot sa Diyos at makapagpakita ng pagpipitagan sa Diyos.

Hinango mula sa “Yaon Lamang Mga Nagsasagawa ng Katotohanan ang May Takot sa Diyos” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Lahat ng katotohanan ay napapaloob sa salita ng Diyos. Hindi mo mapapasok ang katotohanan maliban kung ginawa ito sa pamamagitan ng salita ng Diyos. Ang pangunahing kalalabasang kailangan mong maabot ay ang malaman kung ano ang tunay na pag-unawa sa salita ng Diyos. Sa tunay na pag-unawa sa salita ng Diyos, mauunawaan mo ang katotohanan: Ito ang pinakapangunahin.

Hinango mula sa “Sa Pamamagitan Lamang ng Paghahabol sa Katotohanan Nakakamit ng Isang Tao ang Pagbabago sa Disposisyon” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sa paghahangad na makapasok sa buhay, kailangang suriin ng isang tao ang kanyang sariling mga salita, mga gawa, mga kaisipan, at mga ideya sa bawat bagay na nakakaharap niya sa pang-araw-araw na buhay. Kailangang maunawaan ng isang tao ang kanyang sariling mga kalagayan, at pagkatapos ay ikumpara ang mga ito sa katotohanan, hangarin ang katotohanan, at pumasok sa realidad ng katotohanang kanyang nauunawaan. Sa proseso ng pagpasok sa realidad ng katotohanan, kailangang maunawaan ng isang tao ang kanyang sariling mga kalagayan, at madalas na humarap sa Diyos upang manalangin at magsumamo sa Kanya. Kailangan ding madalas na makibahagi ang isang tao sa ibang mga kapatid nang bukas ang puso, maghanap ng landas papasok sa realidad ng katotohanan, at hangarin ang mga prinsipyo ng katotohanan. Sa bandang huli, malalaman ng isang tao kung anong mga disposisyon ang kanyang ibinubunyag sa pang-araw-araw na buhay, kung nagagalak ba

ang Diyos sa mga ito o hindi, kung tumpak ba ang isinasagawa niyang landas o hindi, kung nasuri na ba niya o hindi ang mga kalagayang matatagpuan sa kanyang kalooban sa pamamagitan ng pagsusuri sa kanyang sarili kumpara sa mga salita ng Diyos, kung nasuri na ba nang tumpak ang mga ito o hindi, kung naaayon ba ang mga ito sa mga salita ng Diyos o hindi, at kung tunay ba siyang nagtagumpay at talagang nakapasok na pagdating sa mga kalagayang iyon na naaayon sa mga salita ng Diyos. Kapag madalas kang namumuhay nang napapaloob sa mga kalagayang ito, sa mga kundisyong ito, unti-unti, magkakaroon ka ng pangunahing pagkaunawa sa ilang katotohanan at sa iyong totoong mga kalagayan.

Hinango mula sa “Ang Pag-unawa sa Disposisyon ng Isang Tao ang Pundasyon ng Pagbabago Nito” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang susi sa paglago sa buhay sa pananampalataya sa Diyos ng isang tao ay ang pagkaalam kung anong gawain ang ginagawa ng Diyos sa iyong karanasan, pagkakita sa pagiging kaibig-ibig ng Diyos, at pag-unawa sa kalooban ng Diyos, nang sa gayon ay umayon ka sa lahat ng pagsasaayos ng Diyos, mahubog ka ng mga salita ng Diyos upang ang mga ito ay maging buhay mo, at sa gayon ay masiyahan ang Diyos. Kung ang iyong pananampalataya ay isang hangal na pananampalataya, kung hindi ka nakikinig sa mga espirituwal na bagay at sa mga pagbabago sa iyong disposisyon sa buhay, kung hindi ka nagsusumikap na matamo ang katotohanan, mauunawaan mo ba ang kalooban ng Diyos? Kung hindi mo nauunawaan kung ano ang hinihingi ng Diyos, wala kang magiging kakayahang dumanas, at sa gayon ay hindi ka magkakaroon ng paraan ng pagsasagawa. Ang dapat mong bigyang-pansin habang nararanasan mo ang mga salita ng Diyos ay ang epektong ibinubunga ng mga ito sa iyo, nang sa gayon ay makilala mo ang Diyos mula sa Kanyang mga salita. Kung marunong ka lang magbasa ng mga salita ng Diyos, subalit hindi mo alam kung paano maranasan ang mga ito, hindi ba ipinapakita nito na wala kang alam tungkol sa mga espirituwal na bagay? Ngayon mismo,

karamihan sa mga tao ay walang kakayahang maranasan ang mga salita ng Diyos, at sa gayon ay hindi nila nalalaman ang gawain ng Diyos. Hindi ba sila bigo sa kanilang pagsasagawa? Kung magpapatuloy sila nang ganito, kailan nila makakayang maranasan ang mga bagay sa kanilang mayamang kapuspusan at makamit ang paglago sa kanilang buhay? Hindi ba ito katumbas lamang ng hungkag na pananalita? Marami sa inyo ang nakatuon sa teorya, na walang nalalaman hinggil sa mga espirituwal na bagay, gayunman ay nagnanais pa ring magkaroon ng malaking silbi sa Diyos at mapagpala ng Diyos. Lubos na di-makatotohanan ito! Kaya, dapat na ninyong wakasan ang kabiguang ito, nang sa gayon ay makapasok kayong lahat sa tamang landas sa inyong mga espirituwal na buhay, magkaroon kayo ng mga tunay na karanasan, at tunay na makapasok sa realidad ng mga salita ng Diyos.

Hinango mula sa “Paano Pumasok sa Normal na Kalagayan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kayong lahat ay nakahanda na hangaring lumago sa inyong mga buhay at pag-ibig sa Diyos, kaya inalis mo na ba sa iyong sarili ang iyong paimbabaw na mga pamamaraan? Kung inalis mo lamang sa iyong sarili ang mga paimbabaw na pamamaraan at umiwas sa mapanira o mapagmataas na ugali, yaon ba ay tunay na paghahangad na lumago sa iyong buhay? Kung inalis mo sa iyong sarili ang lahat ng paimbabaw na ugali ngunit hindi ka pumasok sa mga salita ng Diyos, ipinapakita nito na hindi ka aktibong umuusad. Ano ang ugat ng paimbabaw na ugali? Ang iyo bang mga ginagawa ay alang-alang sa paglago mo sa buhay? Hinahangad mo ba na matanggap bilang kabilang sa bayan ng Diyos? Anuman ang pinag-uukulan mo ng pansin ang siya mong isasabuhay; kung nakatuon ka sa paimbabaw na ugali, ang iyong puso ay madalas na nakatuon palabas at hindi ka magkakaroon ng paraan para hangarin na lumago sa iyong buhay. Kinakailangan ng Diyos ang isang pagbabago ng disposisyon, ngunit palagi mong hinahangad ang mga bagay na panlabas; ang ganitong uri ng tao ay hindi kayang baguhin ang kanyang disposisyon! Sa proseso

ng pagkakamit ng paggulang sa buhay, ang lahat ng tao ay dapat dumaan sa isang ruta: Kailangan nilang tanggapin ang paghatol, ang pagkastigo, at ang pagperpekto ng mga salita ng Diyos. Kung hindi mo taglay ang mga salita ng Diyos kundi umaasa lamang sa iyong sariling pagtitiwala at kalooban, ang lahat ng iyong ginagawa ay batay lamang sa sigasig. Iyon ay, kung nais mo ng paglago sa iyong buhay kailangan mong kainin, inumin, at unawain ang marami pang salita ng Diyos. Lahat yaong mga ginagawang perpekto ng Kanyang mga salita ay nagagawang isabuhay ang mga ito; yaong mga hindi sumasailalim sa pagpipino ng Kanyang mga salita, hindi sumasailalim sa paghatol ng Kanyang mga salita, ay hindi magiging akma para magamit Niya. Kaya, sa anong antas ninyo isinasabuhay ang Kanyang mga salita? Tanging kapag kinakain at iniinom ninyo ang mga salita ng Diyos at nagagawa ninyong maihambing ang mga ito sa sarili ninyong kalagayan sa buhay, at nakahanap kayo ng isang landas ng pagsasagawa na isinasaalang-alang ang mga bagay na Aking binanggit, saka magiging tama at naaayon sa kalooban ng Diyos ang inyong pagsasagawa. Tanging ang isang taong may ganitong uri ng pagsasagawa ang may kalooban na ibigin ang Diyos.

Hinango mula sa “Ang Tunay na Pag-ibig sa Diyos ay Kusa” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang katotohanan na kailangang taglayin ng tao ay matatagpuan sa salita ng Diyos, at isang katotohanan ito na lubhang kapaki-pakinabang at nakakatulong sa sangkatauhan. Ito ang pampalakas at panustos na kailangan ng inyong katawan, isang bagay na tumutulong sa panunumbalik ng normal na pagkatao ng tao. Ito ay isang katotohanan na dapat taglayin ng tao. Habang lalo ninyong isinasagawa ang salita ng Diyos, lalong bumibilis ang pamumukadkad ng inyong buhay, at lalong lumilinaw ang katotohanan. Habang lumalago ang inyong tayog, makikita ninyo nang mas malinaw ang mga bagay ng espirituwal na mundo, at lalo kayong lalakas upang magtagumpay laban kay Satanas. Karamihan sa katotohanang hindi ninyo nauunawaan ay lilinaw kapag isinasagawa ninyo ang salita ng Diyos.

Karamihan sa mga tao ay nasisiyahan na maunawaan lamang ang teksto ng salita ng Diyos at magtuon sa pagsasangkap sa kanilang sarili ng mga doktrina sa halip na palalimin ang kanilang karanasan sa pagsasagawa, ngunit hindi ba iyon ang paraan ng mga Fariseo? Kaya paano magiging totoo ang pariralang "Ang salita ng Diyos ay buhay" para sa kanila? Hindi makalalago ang buhay ng isang tao sa pagbabasa lamang ng salita ng Diyos, kundi kapag isinasagawa lamang niya ang salita ng Diyos. Kung ang paniniwala mo ay na ang pag-unawa lamang sa salita ng Diyos ang kailangan upang magkaroon ng buhay at tayog, baliko ang pang-unawa mo. Nangyayari ang tunay na pagkaunawa sa salita ng Diyos kapag isinasagawa mo ang katotohanan, at kailangan mong maunawaan na "sa pagsasagawa lamang ng katotohanan ito maaaring maunawaan."

Hinango mula sa "Sa Sandaling Maunawaan Ninyo ang Katotohanan, Dapat Ninyo Itong Isagawa" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang paghahangad na mabuhay ay hindi isang bagay na maaaring madaliin; ang paglago sa buhay ay hindi nangyayari sa loob lamang ng isa o dalawang araw. Ang gawain ng Diyos ay normal at praktikal, at may isang proseso itong kailangang pagdaanan. Kinailangan ni Jesus na nagkatawang-tao ng tatlumpu't tatlo't kalahating taon upang makumpleto ang Kanyang gawaing maipako sa krus—kaya paano naging napakahirap na gawin itong pagdadalisay sa tao at pagbabago ng kanyang buhay? Hindi madaling gumawa ng isang normal na tao na naghahayag ng Diyos. Totoo ito lalo na para sa mga taong isinisilang sa bansa ng malaking pulang dragon, na mahina ang kakayahan at nangangailangan ng matagal na panahon ng mga salita at gawain ng Diyos. Kaya huwag kang mainip na makakita ng mga resulta. Kailangan kang maging maagap sa pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, at higit na magsikap sa mga salita ng Diyos. Kapag natapos mong basahin ang Kanyang mga salita, kailangan mong tunay na maisagawa ang mga iyon, lumago sa kaalaman, kabatiran, paghiwatig, at karunungan sa mga salita ng Diyos. Sa pamamagitan nito, magbabago ka nang hindi mo namamalayan. Kung nagagawa mong

tanggapin bilang prinsipyo mo ang pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, pagbasa sa mga ito, pag-alam sa mga ito, maranasan ito, at pagsasagawa ng mga ito, lalago ka nang hindi mo namamalayan. May mga nagsasabi na hindi nila naisasagawa ang mga salita ng Diyos kahit matapos nila itong basahin. Bakit ka nagmamadali? Kapag naabot mo ang isang tiyak na tayog, magagawa mong isagawa ang Kanyang mga salita. Masasabi ba ng isang apat- o limang-taong-gulang na bata na hindi nila magawang suportahan o bigyang-dangal ang kanilang mga magulang? Dapat mong malaman kung gaano kataas ang iyong kasalukuyang tayog. Isagawa kung ano ang kaya mong isagawa, at iwasang maging isang tao na gumagambala sa pamamahala ng Diyos. Kainin at inumin lamang ang mga salita ng Diyos, at tanggapin iyon bilang iyong prinsipyo mula ngayon. Huwag kang mag-alala, sa ngayon, kung magagawa kang ganap ng Diyos. Huwag mo munang tuklasin iyon. Kumain at uminom lamang ng mga salita ng Diyos habang dumarating sa iyo ang mga iyon, at titiyakin ng Diyos na magawa kang ganap. Gayunman, may isang prinsipyong kailangan mong sundin sa pagkain at pag-inom ng Kanyang mga salita. Huwag mo itong gawin nang pikit-mata. Sa pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, sa isang dako, hanapin ang mga salitang dapat mong malaman—ibig sabihin, yaong may kaugnayan sa mga pangitain—at sa kabilang dako, hangaring malaman yaong dapat mong aktwal na isagawa—ibig sabihin, kung ano ang dapat mong pasukin. Ang isang aspeto ay may kinalaman sa kaalaman, at ang isa pa ay sa pagpasok. Kapag naintindihan mo iyang pareho—kapag naintindihan mo kung ano ang dapat mong malaman at kung ano ang dapat mong isagawa—malalaman mo kung paano kainin at inumin ang mga salita ng Diyos.

Hinango mula sa “Ang Kapanahunan ng Kaharian ay ang Kapanahunan ng Salita” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ano ang pinakamahalagang panimulang punto para sa pagpasok sa buhay? Kumapit sa iyong tungkulin—iyon ang nauuna. Nagsisimula ang lahat sa paggawa ng iyong tungkulin. Ang iyong pagpasok sa buhay ay

nagsisimula sa pagganap ng iyong tungkulin, at sa pamamagitan ng pagpasok sa buhay, unti-unti kang nagsisimulang maunawaan ang katotohanan, at makamit ang katotohanan. Nagkakaroon ka ng tayog, unti-unting lumalago ang iyong buhay, nagkakaroon ka ng tunay na mga karanasan ng katotohanan, at pagkaraan ay nauunawaan ang iba't ibang prinsipyo ng pagsasagawa, at hindi napipigilan o nababagabag ng sinumang tao, bagay, o gamit; sa ganitong paraan, unti-unti kang nagsisimulang mabuhay sa harap ng Diyos. Kung hindi ka nababagabag ng sinumang tao, pangyayari, o bagay at nakakaranas ng katotohanan, kung gayon, habang mas yumayaman ang iyong mga karanasan, mas lalo mong magagawang magpatotoo sa Diyos. Kapag mas nagagawa mong magpatotoo sa Diyos, ikaw ay unti-unting magiging isang taong kapaki-pakinabang; kapag ikaw ay naging isang taong kapaki-pakinabang, magkakaroon ka ng lugar sa bahay ng Diyos, ikaw ay tatayong matatag, at ikaw ay magiging mabuting tao, isang tunay na tao. At magiging karapat-dapat ka sa lahat ng ipinagkaloob sa iyo ng Diyos.

Hinango mula sa “Ang Pagpasok sa Buhay ay Dapat Magsimula sa Karanasan ng Pagganap sa Tungkulin ng Isa” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ano ang susi sa pagpasok sa katotohanang realidad? Mayroon bang kapakinabangan sa laging pagpapahayag ng sarili mong kalooban, sa palaging panunumpa at pagpapasiyang gumawa ng mga bagay? Hindi iyon makatotohanan. Sa ngayon, ang pinakapraktikal na isyu ay ang pagkamit ng pagpasok sa buhay sa pamamagitan ng pagtugon sa kung paano pakikitunguhan at gagampanan ang iyong tungkulin habang isinasagawa ito. Ano ang ibang paraan ng pagtukoy sa pagkakaroon ng pagpasok sa buhay? Ang pagdanas sa katotohanan. Sa pamamagitan ng landas na ito nakakamit ang pagpasok sa buhay. Nakamit mo na ba ang pagpasok sa buhay? Kaya mo bang magpatotoo sa Diyos? (Hindi.) Ito ba ay kaso kung saan sa karamihan na bahagi, naiipit ka pa rin sa doktrina, at walang tunay na kaalaman o karanasan sa katotohanan? Kung hindi mo tunay na nalalaman at nararanasan ang katotohanan, hindi mo makakayang

magpatotoo sa Diyos. Kadalasan, ang kaalaman mo sa Diyos ay batay sa pang-unawa: Nadarama mong tama ang mga salita ng Diyos, kaya't sinasambit mo ang Amen at sumasang-ayon—ngunit hindi mo nagagamit ang mga bagay na ito sa iyong sarili, nalilito ka pa rin kapag gumagawa ka ng mga bagay, at hindi mo alam kung aling katotohanan ang gagamitin para lutasin ang iyong mga suliranin. Hindi ba ito ang kalagayang madalas ninyong kinaroroonan? Marami kayong naiintindihan, at maraming nauunawaan, ngunit hindi pa ninyong isagawa ang mga bagay na ito o gamitin ang mga ito. Sa sandaling magamit at maranasan ninyo ang mga katotohanang inyong naunawaan, lalago ang buhay ninyo; ito ang pamantayan, ang palatandaan. At isang araw, kapag nakamit mo ang pag-unawa sa isang partikular na aspeto ng katotohanan, at nagagawa mong sabihin ang ilan sa pag-unawang ito upang magpatotoo sa kalooban ng Diyos, upang magpatotoo sa disposisyon ng Diyos, at sa iyong kaalaman tungkol sa Diyos, sa ganitong pagkakataon, ikaw ay magiging saksi ng Diyos. Kung marami kang mga naiintindihan at kaya mong ipangaral ang doktrina nang maraming oras, ngunit hindi kayang lutasin ang sariling mong mga suliranin at walang kaalam-alam sa kung paano lutasin ang mga ito, ano ang nauunawaan mo? (Mga salita at mga doktrina.) Ang ilan sa mga ito ay hindi lamang mga salita at doktrina. Karamihan ay kaalamang pang-unawa: Nararamdaman mong tama ang mga salitang ito, nakikilala mo kung anong sinasabi ng ibang tao, ngunit hindi mo alam kung paano ito maranasan o kung paano mailapat ang mga bagay na ito sa iyong sarili—ito ay ang kaalamang pang-unawa. Paano malulutas ang problemang ito? Dapat mong balikan ang iyong tungkulin. Paunti-unti, suriin at unawain ang iba't ibang uri ng katiwalian at ang napakaraming kalagayan ng sarili mo na iyong inihahayag habang ginagampanan ang iyong tungkulin, at pagkatapos ay tuloy-tuloy na tugunan isa-isa ang bawat isa sa kanila. Dapat mong maunawaan ang iba't ibang kalagayan na inihahayag mo—ang iyong pagmamagaling, pagiging tuso, kung paano mo pinipigil ang isang bagay, o pagwawalang-bahala o madaliang-paggawa ng mga bagay—at kilalanin sa kanila ang sarili mong tiwaling disposisyon.

Malalaman mo ba kung anong dapat gawin sa sandaling makilala mo ang iyong tiwaling disposisyon? Halimbawa, anong dapat gawin kapag, sa isang parikular na bagay, ipinakikita mo ang sarili na makasarili, na iniisip lamang ang sarili mong karangalan? Una, dapat mong bitawan ang lahat ng pag-iisip ng karangalan: "Kung sinabi ko iyan, iyon ay para maprotektahan ang aking karangalan. Magkakaroon ng pagganyak sa likod ng pagsasabi niyan, magiging makasarili ako at masama. Iyon ang aking tiwaling disposisyon, hindi dapat ako magsabi ng mga bagay na tulad niyan. Dapat kong isiwalat ang aking sarili, ipakita ang totoo kong mga kulay, sabihin kung ano talaga ang iniisip ko sa aking puso. Mas gugustuhin ko pang mawala ang aking karangalan at subukang hindi ito pangalagaan, at hindi bigyang-kasiyahan ang sarili kong kapalaluan." At sa gayon, sa pagtalikod sa iyong sarili, at pagsasalita nang lantad ng iyong pinakamalalim na saloobin, sa isang banda, ikaw ay nagiging matapat, at sa kabilang banda, huminto ka sa pagkilos sa sarili mong mga ideya at paghahanap ng sarili mong karangalan. Naisasagawa mo ang katotohanan, at nagagampanan ang iyong tungkulin nang mas mahusay, at nagagawa mong panagutan ang iyong tungkulin. Ang nawala sa iyo ay karangalan, ngunit ang itinaguyod mo ay ang mga kapakanan ng bahay ng Diyos, at ang katotohanan. Ang pamumuhay sa gayon ay makatarungan at matuwid, karapat-dapat na iharap sa mga tao at sa Diyos. Napakaganda nito! Maaaring medyo mahirap ang pagsasagawa sa ganitong paraan, ngunit kung ang mga pagsisikap mo at kung anong iyong isinasagawa ay nakatuon sa direksyong ito, maaari kang mabigo nang dalawa o tatlong beses, ngunit marahil sa ikalimang pagtatangka, maaari kang maging matagumpay. At ano ang kahulugan sa iyo ng tagumpay? Nangangahulugan ito na kapag isinasagawa mo ang katotohanan, nagagawa mo ang hakbang na iyon na nagpapalaya sa iyo mula sa pagkakagapos kay Satanas, isang hakbang na nagbibigay-daan upang talikuran ang iyong sarili, na isantabi ang sarili mong kapalaluan, karangalan at kapakinabangan, at huminto sa pagiging makasarili at masama. Kaya anong nakikita mo mula rito? Kapag ginawa mo ito,

ipinakikita mo sa mga taong ikaw ay isang taong nagmamahal ng katotohanan, na naghahangad ng katotohanan, na naghahangad ng katuwiran at liwanag. Sa parehong pagkakataon, naghahatid ka rin ng kahihiyan kay Satanas. Ginawa kang tiwali ni Satanas, pinagawa nito sa iyo na unahin ang iyong sarili, ginawa ka nitong makasarili, pinagawa nito sa iyong isipin ang sarili mong karangalan. Ngunit ngayon, hindi ka na magagapos nitong mga satanikong bagay, lumaya ka na sa kanila, hindi ka na kontrolado ng kapalaluan, karangalan, o ng sarili mong personal na kapakinabangan, at isinasagawa mo ang katotohanan, at sa gayon napahiya si Satanas. At hindi ka ba nagtagumpay kapag napahiya si Satanas? Hindi ka ba matatag sa iyong patotoo sa Diyos? Hindi mo ba nilalabanan ang mabuting laban? Kapag nakipaglaban ka sa mabuting laban, mayroong kapayapaan, kagalakan, at isang pakiramdam ng kaalwanan sa iyong puso. Ano ang ipinapakita kapag ang mga tao ay palaging nabubuhay na may pakiramdam ng naaakusahan, kung ang kanilang mga puso ay magulo, walang kagalakan o kapayapaan, kung madalas silang nalulungkot at namimighati sa lahat ng uri ng mga bagay? Nagpapakita ito na bihira tao ay kadalasa'y hindi isinasagawa ang katotohanan, kadalasa'y tumatalikod sila sa katotohanan, at madalas nabubuhay sila sa makasarili at walang dangal, pinakikita nito na pinahahalagahan nila ang kanilang sariling karangalan reputasyon, katayuan, at mga kapakinabangan. Hindi nila natamo ang katotohanan. Dahil dito, ; labis ang kanilang pagdurusa, marami ami ang mg alalahanin, di-mabilang labis na ligalig, at di mabilang ang mga gumagapos sa kanila.

Hinango mula sa "Ang Pagpasok sa Buhay ay Dapat Magsimula sa Karanasan ng Pagganap sa Tungkulin ng Isa" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung nais mong lumago sa buhay, kailangan mong hanapin ang katotohanan sa lahat ng bagay. Anuman ang iyong ginagawa, dapat mong alamin kung paano umasal nang tama upang makaayon sa katotohanan, at tuklasin kung anong mga dungis ang umiiral sa iyong kalooban na lumalabag dito; dapat kang magkaroon ng malinaw na pagkaunawa

tungkol sa mga bagay na ito. Anuman ang iyong ginagawa, dapat mong isipin kung ito ay may halaga o wala. Magagawa mo ang mga bagay na may kahulugan, ngunit hindi mo dapat gawin ang mga bagay na walang kahulugan. Patungkol sa mga bagay na maaari mong gawin o hindi gawin, kung maaaring bitawan ang mga ito, bitawan mo ang mga ito. Kung hindi, kung gagawin mo ang mga bagay na ito nang ilang panahon at kalaunan ay matuklasan mo na dapat mong bitawan ang mga ito, kung gayon ay mabilis na magpasiya at bitawan kaagad ang mga ito. Ito ang prinsipyong dapat mong sundan sa lahat ng ginagawa mo. Ito ang tanong ng ilang tao: Bakit napakahirap hanapin ng katotohanan at isagawa ito—na tila ba namamangka ka nang pasalungat sa agos, at maaanod ka pabalik kung tumigil ka sa pagsagwan nang pasulong? Bakit ba mas madali talagang gumawa ng masama o walang-kabuluhang mga bagay—kasindali ng pamamangka nang paayon sa agos? Bakit ganoon? Ito ay dahil likas sa tao ang magtaksil sa Diyos. Ang kalikasan ni Satanas ay nangibabaw na sa kalooban ng mga tao, at ito ay isang puwersang reaksyonaryo. Ang mga taong likas na nagtataksil sa Diyos, mangyari pa, ay malamang na gumawa ng mga bagay na nagtataksil sa Kanya, at natural na mahirap para sa kanila ang kumilos nang positibo. Ganap itong pinagpapasiyahan ng kalikasang diwa ng sangkatauhan. Sa sandaling talagang maunawaan mo ang katotohanan at simulan mong mahalin ito mula sa iyong kalooban, magkakaroon ka ng lakas na gawin ang mga bagay na naaayon sa katotohanan. Sa gayon ay nagiging normal ito, at wala pang kahirap-hirap at kaaya-aya, at mararamdaman mo na mangangailangan ng malaking pagsisikap ang paggawa ng anumang negatibo. Ito ay dahil nangibabaw na ang katotohanan sa puso mo. Kung talagang nauunawaan mo ang katotohanan tungkol sa buhay ng tao at kung anong uri dapat maging ang isang tao—paano maging isang taong walang kapintasan at prangka, isang taong matapat, isang taong nagpapatotoo sa Diyos at naglilingkod sa Kanya—hindi ka na muling gagawa kailanman ng masasamang gawain na sumusuway sa Kanya, ohindi mo na muling gagampanan ang papel ng isang huwad na pinuno, isang huwad na manggagawa, o isang anticristo.

Kahit nililinlang ka ni Satanas, o sinusulsulan ka ng sinumang masama, hindi mo ito gagawin; sinuman ang sumusubok na pilitin ka, hindi ka pa rin kikilos nang ganoon. Kung matamo ng mga tao ang katotohanan at nagiging buhay nila ang katotohanan, nagagawa nilang kamuhian ang kasamaan at nakadarama sila ng pagkasuklam sa mga negatibong bagay sa kanilang kalooban. Magiging mahirap para sa kanila ang gumawa ng kasamaan, sapagkat nagbago na ang kanilang disposisyon sa buhay at nagawa na silang perpekto ng Diyos.

Hinango mula sa "Sa Pamamagitan Lamang ng Paghahabol sa Katotohanan Nakakamit ng Isang Tao ang Pagbabago sa Disposisyon" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Madalas magsabi ang mga tao na hinahayaan nila na ang Diyos ang kanilang maging buhay, ngunit hindi pa umaabot sa puntong iyon ang kanilang karanasan. Sinasabi mo lamang na ang Diyos ang iyong buhay, na ginagabayan ka Niya araw-araw, na kinakain at iniinom mo ang Kanyang mga salita sa bawat araw, at nananalangin ka sa Kanya bawat araw, kaya't Siya na ang naging buhay mo. May kababawan ang kabatiran ng mga nagsasabi nito. Walang pundasyon ang marami sa mga tao; naitanim na sa kanilang kalooban ang mga salita ng Diyos, ngunit hindi pa sumisibol ang mga ito, lalong hindi pa namumunga. Ngayon, hanggang saan na ang iyong naranasan? Ngayon lang, matapos kang pilitin ng Diyos na makarating hanggang dito, nararamdaman mo bang hindi mo kayang iwan ang Diyos. Isang araw, kapag umabot na sa isang tiyak na punto ang iyong karanasan, kung paaalisin ka ng Diyos, hindi mo ito magagawa. Lagi mong mararamdaman na hindi mo kaya na wala ang Diyos sa iyong kalooban; makakaya mong walang asawa, o mga anak, walang pamilya, walang ina o ama, walang mga kasiyahan ng laman, ngunit hindi mo makakaya na wala ang Diyos. Ang pagiging walang Diyos ay magiging katulad ng pagkawala ng iyong buhay; hindi mo magagawang mabuhay nang walang Diyos. Kapag nakaranas ka na hanggang sa puntong ito, nakamit mo na ang inaasahang bisa ng iyong pananampalataya sa Diyos, at sa ganitong paraan, ang Diyos na ang magiging buhay mo, Siya na ang

magiging pundasyon ng iyong pag-iral. Hindi mo na kailanman magagawa pang muling iwan ang Diyos. Kapag nakaranas ka na hanggang sa saklaw na ito, tunay na nasiyahan ka na sa pag-ibig ng Diyos, at kapag may sapat nang lapit ang iyong relasyon sa Diyos, Siya na ang iyong magiging buhay, ang iyong pag-ibig, at pagsapit ng panahong iyan, mananalangin ka sa Diyos at magsasabi: “O Diyos! Hindi Kita makakayang iwan. Ikaw ang aking buhay. Makakaya kong magpatuloy nang wala ang kahit ano pa man—ngunit kung wala Ka, hindi ko makakayang patuloy na mabuhay.” Ito ang tunay na tayog ng mga tao; ito ang tunay na buhay. Napilitan ang ilang tao na makarating hanggang sa layo ng narating nila ngayon: Kailangan nilang magpatuloy naisin man nila o hindi, at lagi nilang nararamdaman na naiipit sila sa pagitan ng mga napakahirap na kalagayan. Dapat mong maranasan na ang Diyos ay ang iyong buhay, na kung ilalayo ang Diyos sa iyong puso, matutulad ito sa pagkawala ng iyong buhay; dapat maging buhay mo ang Diyos, at wala ka dapat kakayahang iwan Siya. Sa ganitong paraan, totohanan mo nang mararanasan ang Diyos, at sa oras na ito, kapag minahal mo ang Diyos, tunay mong mamahalin ang Diyos, at ito ay magiging isang natatangi, dalisay na pagmamahal. Isang araw, kapag sa mga ganoong karanasan na nakaabot ang iyong buhay sa isang tiyak na punto, kapag nananalangin ka sa Diyos, at kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, hindi mo magagawang alisin ang Diyos sa iyong kalooban, ni hindi mo magagawang kalimutan Siya kahit ibig mo. Naging buhay mo na ang Diyos; maaari mong kalimutan ang mundo, maaari mong kalimutan ang iyong asawa, o mga anak, ngunit magkakaroon ka ng suliranin sa paglimot sa Diyos—ang gawin iyon ay imposible, ito ay ang iyong tunay na buhay, at ang iyong tunay na pag-ibig sa Diyos. Kapag umabot na sa isang tiyak na punto ang pag-ibig ng mga tao sa Diyos, wala nang ibang makapapantay sa pagmamahal nila sa Diyos; nangunguna ang pagmamahal nila sa Diyos. Sa ganitong paraan, nagagawa mong isuko ang lahat ng iba pang bagay, at kusang tatanggapin ang lahat ng pakikitungo at pagtatabas mula sa Diyos. Kapag nakamit mo na ang pag-ibig sa Diyos na humihigit sa lahat, mamumuhay ka sa katotohanan at sa

pag-ibig ng Diyos.

Hinango mula sa “Ang mga Nagmamahal sa Diyos ay Mabubuhay Magpakailanman sa Kanyang Liwanag” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

21. Ang mga Prinsipyo ng Pagdanas ng Gawain ng Diyos

(1) Kinakailangang tanggapin at magpasakop sa lahat ng paghatol at pagkastigo ng mga salita ng Diyos. Bukod pa rito, dapat tanggapin ng isang tao ang pagtatabas at pagharap sa kanya, pati na ang mga pagsubok at pagdadalisay. Saka lamang maaaring madalisay at maligtas ang isang tao;

(2) Tanggapin at magpasakop sa lahat ng katotohanang ipinahayag ng Diyos. Kahit gaano pa karami sa mga ito ang nauunawaan ng tao, dapat isagawa at maranasan ito ng isang tao. Saka lamang makapapasok ang isang tao sa katotohanang realidad;

(3) Kapag bumabangon ang mga matitinding pagdurusa at pagsubok, kinakailangang hanapin ang katotohanan, magtiwala sa Diyos, at umasa sa Kanya. Saka lamang maaaring makita ng isang tao ang Kanyang mga gawa at totohanang makilala Siya;

(4) Kinakailangang magpasakop sa kaliwanagan, pagpapalinaw, at nasasa loob na patnubay ng Banal na Espiritu, at tuparing mabuti ng isang tao ang kanyang tungkulin alinsunod sa katotohanang prinsipyo. Ito ang tunay na patotoo ng pagpapasakop sa Diyos.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Paniniwala sa Diyos ang unang hakbang sa pagkilala sa Diyos. Ang proseso ng pagsulong mula sa paunang paniniwalang ito sa Diyos tungo sa pinakamalalim na paniniwala sa Kanya ay ang proseso ng pagkilala sa Diyos, ang proseso ng pagdanas ng gawain ng Diyos. Kung naniniwala ka lamang sa Diyos para maniwala sa Diyos, at hindi para makilala Siya, walang realidad sa iyong pananampalataya, at hindi maaaring maging dalisay ang iyong pananampalataya—walang duda ito. Kung, sa proseso kung saan nararanasan ng tao ang gawain ng Diyos, unti-unti niyang

nakikilala ang Diyos, unti-unting magbabago ang kanyang disposisyon, at lalong magiging totoo ang kanyang paniniwala. Sa ganitong paraan, kapag nagtatagumpay ang tao sa kanyang paniniwala sa Diyos, ganap na niyang nakamit ang Diyos.

Hinango mula sa “Ang mga Nakakakilala Lamang sa Diyos ang Maaaring Magpatotoo sa Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung wala kang kaalaman tungkol sa gawain ng Diyos, hindi mo malalaman kung paano makipagtulungan sa Diyos. Kung hindi mo alam ang mga prinsipyo ng gawain ng Diyos, at wala kang kamalayan kung paano gumagawa si Satanas sa tao, hindi ka magkakaroon ng landas para magsagawa. Hindi ka tutulutan ng masigasig na paghahangad lamang na makamit ang mga resultang hinihingi ng Diyos. Ang gayong paraan ng pagdanas ay katulad ng kay Lawrence: hindi gumagawa ng anumang mga pagtatangi at nagtutuon lamang sa karanasan, lubos na walang kamalayan kung ano ang gawain ni Satanas, kung ano ang gawain ng Banal na Espiritu, kung ano ang kalagayan ng tao nang walang presensya ng Diyos, at kung anong uri ng mga tao ang gustong gawing perpekto ng Diyos. Anong mga prinsipyo ang dapat tanggapin kapag nakikitungo sa iba’t ibang uri ng mga tao, paano maunawaan ang kalooban ng Diyos sa kasalukuyan, paano malaman ang disposisyon ng Diyos, at kanino, anong mga sitwasyon, at saang kapanahunan nakadirekta ang habag, kamahalan, at katuwiran ng Diyos—wala siyang pagkaunawa sa anuman sa mga ito. Kung hindi marami ang pangitain ng mga tao bilang pundasyon para sa kanilang mga karanasan, hindi na kailangang pag-usapan ang buhay, at lalo na ang karanasan; maaaring buong kahangalang patuloy nilang harapin at tiisin ang lahat ng bagay. Napakahirap na gawing perpekto ang gayong mga tao. Masasabi na kung wala kang anuman sa mga pangitaing binabanggit sa itaas, sapat nang katibayan iyan na isa kang hangal, para kang isang haligi ng asin na palaging nakatayo sa Israel. Ang gayong mga tao ay walang silbi, walang kuwenta! Ang ilang tao ay pikit-matang nagpapasakop lamang palagi, kilala nila palagi ang kanilang sarili at lagi

nilang ginagamit ang sarili nilang mga paraan ng pagkilos kapag nakikitungo sa mga bagong bagay, o gumagamit sila ng “karunungan” upang harapin ang maliliit na bagay na hindi na kailangang banggitin pa. Ang gayong mga tao ay walang pang-unawa, at parang likas sa kanila ang isuko ang kanilang sarili sa pagpapahirap, at gayon sila palagi; hindi sila nagbabago kailanman. Ang ganitong mga tao ay mga hangal na wala ni katiting na pang-unawa. Hindi nila sinusubukan kailanman na gumawa ng mga hakbang na angkop sa mga sitwasyon o sa iba’t ibang tao. Ang gayong mga tao ay walang karanasan. Nakakita na Ako ng ilang tao na lubhang nakatali sa pagkakilala nila tungkol sa kanilang sarili na kapag naharap sa mga taong nakukubabawan ng masasamang espiritu, nagyuyuko sila ng ulo at umaamin sa kanilang mga kasalanan, na hindi nangangahas na tumayo at isumpa ang mga ito. At kapag naharap sa malinaw na gawain ng Banal na Espiritu, hindi sila nangangahas na sumunod. Naniniwala sila na ang masasamang espiritu ay nasa mga kamay rin ng Diyos, at wala ni katiting na lakas ng loob na tumayo at labanan ang mga ito. Ang gayong mga tao ay nagdadala ng kahihiyan sa Diyos, at lubos na walang kakayahang magdala ng mabigat na pasanin para sa Kanya. Ang mga hangal na iyon ay hindi gumagawa ng anumang mga pagtatangi. Ang gayong paraan ng pagdanas, samakatuwid, ay dapat iwaksi, sapagkat hindi ito katanggap-tanggap sa mga mata ng Diyos.

Tunay na ang Diyos ay maraming ginagawa sa mga tao, kung minsan ay sinusubok sila, kung minsan ay lumilikha ng mga sitwasyon upang baguhin sila, at kung minsan ay sumasambit ng mga salita upang gabayan sila at punan ang kanilang mga pagkukulang. Kung minsan ay inaakay ng Banal na Espiritu ang mga tao sa mga sitwasyong inihanda ng Diyos para sa kanila upang matuklasan nila nang hindi namamalayan ang maraming bagay na wala sa kanila. Sa pamamagitan ng sinasabi at ginagawa ng mga tao, at sa paraan ng pagtrato ng mga tao sa iba at pagharap sa mga bagay-bagay, hindi nila nalalaman na nililiwanagan sila ng Banal na Espiritu tungkol sa maraming bagay na dati-rati ay hindi nila naunawaan, na tinutulutan silang makita ang maraming bagay at tao nang mas

malinaw, tinutulutan silang makita ang maraming bagay na dati-rati ay wala silang kamalayan. Kapag abala ka sa mundo, unti-unti mong nauunawaan ang mga makamundong bagay, at bago ka mamatay, maaari mong sabihin nang patapos: “Mahirap talagang maging tao.” Kung gumugugol ka ng kaunting panahon sa pagdanas sa harap ng Diyos, at nauunawaan mo ang gawain ng Diyos at ang Kanyang disposisyon, magkakamit ka ng maraming kabatiran nang hindi sinasadya, at ang iyong tayog ay unti-unting lalago. Mas mauunawaan mo ang maraming espirituwal na bagay, at mas malilinawan mo lalo na ang gawain ng Diyos. Tatanggapin mo ang mga salita ng Diyos, ang gawain ng Diyos, ang bawat kilos ng Diyos, ang disposisyon ng Diyos, at kung ano ang Diyos at kung ano ang mayroon Siya bilang sarili mong buhay. Kung ang tangi mong gagawin ay gumala sa mundo, mas titigas pa ang iyong mga pakpak, at lalo mong lalabanan ang Diyos; paano ka pa makakasangkapan ng Diyos? Dahil napakarami mong “sa tingin ko,” hindi ka kinakasangkapan ng Diyos. Kapag mas nasa presensya ka ng Diyos, mas marami kang mararanasan. Kung nabubuhay ka pa rin sa mundo na parang hayop—nagpapahayag ng paniniwala sa Diyos ang iyong bibig ngunit nakatuon sa iba ang iyong puso—at pinag-aaralan mo pa rin ang mga makamundong pilosopiya sa pamumuhay, hindi ba mawawalan ng kabuluhan ang lahat ng dati mong pinagpaguran? Samakatuwid, kapag ang mga tao ay mas nasa presensya ng Diyos, mas madali silang magagawang perpekto ng Diyos. Ito ang landas kung saan ginagawa ng Banal na Espiritu ang Kanyang gawain. Kung hindi mo ito nauunawaan, magiging imposible para sa iyo na makapasok sa tamang landas, at hindi na kailangang pag-usapan pa ang magawang perpekto ng Diyos. Hindi ka magkakaroon ng normal na espirituwal na buhay, magiging para kang may kapansanan, at ang tanging tataglayin mo ay ang sarili mong pagsisikap at wala ng anumang gawain ng Diyos. Hindi ba ito isang pagkakamali sa iyong pagdanas?

Hinango mula sa “Tungkol sa Karanasan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Nararanasan ng tao ang gawain ng Diyos, nakikilala ang kanyang

sarili, inaalis ang kanyang tiwaling disposisyon, at hinahangad na lumago sa buhay, lahat alang-alang sa pagkilala sa Diyos. Kung hinahangad mo lamang na makilala ang iyong sarili at harapin ang iyong sariling tiwaling disposisyon, ngunit wala kang kaalaman tungkol sa gawaing ginagawa ng Diyos sa tao, kung gaano kadakila ang Kanyang pagliligtas, o kung paano mo nararanasan ang gawain ng Diyos at nasasaksihan ang Kanyang mga gawa, kalokohan ang karanasan mong ito. Kung sa palagay mo ay lumago na ang buhay ng isang tao dahil lamang sa nakakaya niyang isagawa ang katotohanan at magtiis, ibig sabihin ay hindi mo pa rin nauunawaan ang tunay na kahulugan ng buhay o ang layunin ng Diyos sa pagpeperpekto sa tao. Balang araw, kapag ikaw ay nasa mga relihiyosong iglesia, kasama ng mga kasapi ng Iglesia ng Pagsisisi o ng Iglesia ng Buhay, marami kang matatagpuang relihiyosong mga tao, na ang mga panalangin ay naglalaman ng “mga pangitain” at naaantig, sa patuloy na pagsisikap nila sa buhay, at ginagabayan ng mga salita. Bukod pa rito, nagagawa nilang magtiis at talikuran ang kanilang sarili sa maraming bagay, at hindi patatangay sa laman. Sa oras na iyon, hindi mo masasabi ang pagkakaiba: Maniniwala ka na lahat ng kanilang ginagawa ay tama, na iyon ang likas na pagpapahayag ng buhay, at na kahabag-habag na ang pangalang kanilang pinaniniwalaan ay mali. Hindi ba kahangalan ang gayong mga pananaw? Bakit sinasabi na maraming tao ang walang buhay? Dahil hindi nila kilala ang Diyos, at sa gayon ay sinasabi na wala silang Diyos sa kanilang puso, at walang buhay. Kung umabot na ang iyong paniniwala sa Diyos sa punto kung saan kaya mong lubusang malaman ang mga gawa ng Diyos, ang realidad ng Diyos, at ang bawat yugto ng gawain ng Diyos, taglay mo ang katotohanan. Kung hindi mo alam ang gawain at disposisyon ng Diyos, may kulang pa rin sa iyong karanasan. Kung paano isinagawa ni Jesus ang yugtong iyon ng Kanyang gawain, paano isinasagawa ang yugtong ito, paano ginawa ng Diyos ang Kanyang gawain sa Kapanahunan ng Biyaya at anong gawain ang ginawa, anong gawain ang ginagawa sa yugtong ito—kung wala kang lubos na kaalaman tungkol sa mga bagay na ito, hindi ka kailanman makatitiyak at palagi kang hindi mapapanatag. Kung,

pagkaraan ng isang panahon ng karanasan, nagagawa mong malaman ang gawaing ginawa ng Diyos at ang bawat hakbang ng Kanyang gawain, at kung nagtamo ka na ng lubos na kaalaman tungkol sa mga layunin ng Diyos sa pagsambit ng Kanyang mga salita, at kung bakit napakarami Niyang nasambit na salita na hindi pa natutupad, maaari mong matapang at patuloy na sundan ang daan, malaya sa pag-aalala at pagpipino.

Hinango mula sa “Ang mga Nakakakilala Lamang sa Diyos ang Maaaring Magpatotoo sa Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang pagdanas ng gawain ng Diyos ay hindi tungkol sa pagtatamasa ng biyaya, kundi sa halip ay tungkol sa pagdurusa para sa iyong pagmamahal sa Kanya. Yamang tinatamasa mo ang biyaya ng Diyos, kailangan mo ring matamasa ang Kanyang pagkastigo; kailangan mong maranasan ang lahat ng ito. Mararanasan mo ang kaliwanagan ng Diyos sa iyo, at mararanasan mo rin kung paano ka Niya pinakikitunguhan at hinahatulan. Sa ganitong paraan, ang iyong karanasan ay magiging malawak. Naisagawa ng Diyos ang Kanyang gawain ng paghatol at pagkastigo sa iyo. Napakitunguhan ka na ng salita ng Diyos, ngunit hindi lamang iyan; naliwanagan at natanglawan ka rin nito. Kapag ikaw ay negatibo at mahina, nag-aalala ang Diyos para sa iyo. Lahat ng gawaing ito ay upang ipaalam sa iyo na lahat ng tungkol sa tao ay nasa loob ng mga pagsasaayos ng Diyos. Maaari mong isipin na ang paniniwala sa Diyos ay tungkol sa pagdurusa, o paggawa ng lahat ng bagay para sa Kanya; maaari mong isipin na ang layunin ng paniniwala sa Diyos ay para mapayapa ang iyong laman, o upang maging maayos ang lahat sa buhay mo, o upang maging komportable at magaan ang lahat sa iyo. Gayunman, wala sa mga ito ang mga layuning dapat iugnay ng mga tao sa kanilang paniniwala sa Diyos. Kung naniniwala ka dahil sa mga layuning ito, mali ang iyong pananaw, at imposible ka talagang magawang perpekto. Ang mga kilos ng Diyos, ang matuwid na disposisyon ng Diyos, ang Kanyang karunungan, Kanyang mga salita, at Kanyang pagiging kamangha-mangha at di-maarok ay pawang mga bagay na dapat maunawaan ng mga tao.

Dahil sa pagkaunawang ito, dapat mong gamitin ito upang alisin sa puso mo ang lahat ng personal mong kahilingan, pag-asa, at pagkaintindi. Kapag inalis mo ang mga ito, saka mo lamang matutugunan ang mga kundisyong hinihiling ng Diyos, at sa pamamagitan lamang ng paggawa nito ka magkakaroon ng buhay at mapapalugod ang Diyos. Ang layunin ng paniniwala sa Diyos ay upang mapalugod Siya at maisabuhay ang disposisyon na Kanyang kinakailangan, upang maipamalas ang Kanyang mga kilos at kaluwalhatian sa pamamagitan ng grupong ito ng hindi karapat-dapat na mga tao. Ito ang tamang pananaw para sa paniniwala sa Diyos, at ito rin ang layuning dapat mong hangarin. Dapat ay mayroon kang tamang pananaw tungkol sa paniniwala sa Diyos at dapat mong hangaring matamo ang mga salita ng Diyos. Kailangan mong kainin at inumin ang mga salita ng Diyos at magawang isabuhay ang katotohanan, at lalo nang kailangan mong makita ang Kanyang praktikal na mga gawa, Kanyang kamangha-manghang mga gawa sa buong sansinukob, gayundin ang praktikal na gawaing Kanyang ginagawa sa katawang-tao. Maaaring pahalagahan ng mga tao, sa pamamagitan ng kanilang aktuwal na mga karanasan, kung paano talaga ginagawa ng Diyos ang Kanyang gawain sa kanila at kung ano ang Kanyang kalooban sa kanila. Ang layunin ng lahat ng ito ay upang alisin ang tiwali at napakasamang disposisyon ng mga tao. Dahil naiwaksi na ang lahat ng karumihan at kasamaan sa iyong kalooban, at naiwaksi na ang iyong mga maling layon, at nagkaroon ka na ng tunay na pananampalataya sa Diyos—sa pamamagitan lamang ng pagkakaroon ng tunay na pananampalataya mo maaaring tunay na mahalin ang Diyos.

Hinango mula sa “Yaong mga Gagawing Perpekto ay Kailangang Sumailalim sa Pagpipino” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Hinahatulan man ng Diyos ang tao o isinusumpa siya, parehong ginagawa nitong perpekto ang tao: Parehong ginagawa ito upang gawing perpekto yaong hindi dalisay sa kalooban ng tao. Sa pamamagitan ng kaparaanang ito ang tao ay pinipino, at yaong kulang sa kalooban ng tao ay ginagawang perpekto sa pamamagitan ng Kanyang mga salita at

gawain. Bawat hakbang ng gawain ng Diyos—masasakit na salita man ito, o paghatol, o pagkastigo—ay ginagawang perpekto ang tao, at talagang angkop. Hindi kailanman nakagawa ng gawain ang Diyos sa lumipas na mga kapanahunan na kagaya nito; sa ngayon, gumagawa Siya sa inyong kalooban kaya napahalagahan ninyo ang Kanyang karunungan. Bagama't nagtiis na kayo ng kaunting pagdurusa sa inyong kalooban, matatag at payapa ang inyong puso; inyong biyaya ang matamasa ang yugtong ito ng gawain ng Diyos. Anuman ang magagawa ninyong makamit sa hinaharap, lahat ng inyong nakikita sa gawain ng Diyos sa inyo sa ngayon ay pag-ibig. Kung hindi nararanasan ng tao ang paghatol at pagpipino ng Diyos, ang kanyang mga kilos at sigla ay laging mananatiling paimbabaw, at ang kanyang disposisyon ay laging mananatiling hindi nagbabago. Maibibilang ba ito na nakamit ka na ng Diyos? Sa ngayon, bagama't matindi pa rin ang kayabangan at kapalaluan sa kalooban ng tao, mas matatag na ang disposisyon ng tao kaysa rati. Pinakikitunguhan ka ng Diyos upang iligtas ka, at bagama't maaari kang makadama ng kaunting pasakit sa panahong iyon, darating ang araw na magkakaroon ng pagbabago sa iyong disposisyon. Sa oras na iyon, aalalahanin mo ang nakalipas at makikita mo kung gaano karunong ang gawain ng Diyos, at sa oras na iyon ay magagawa mong tunay na maunawaan ang kalooban ng Diyos. Sa ngayon, may ilang taong nagsasabi na nauunawaan nila ang kalooban ng Diyos, ngunit hindi iyon masyadong makatotohanan, sa katunayan mga kasinungalingan ang sinasabi nila, dahil sa kasalukuyan ay hindi pa nila nauunawaan kung ang kalooban ng Diyos ay upang iligtas ang tao o isumpa ang tao. Marahil ay hindi mo malinaw na nakikita ito sa ngayon, ngunit darating ang araw na makikita mo na dumating na ang araw ng pagluwalhati sa Diyos, at makikita mo kung gaano kamakabuluhan ang mahalin ang Diyos, kaya mauunawaan mo ang buhay ng tao at ang iyong laman ay mabubuhay sa mundo ng pagmamahal sa Diyos, kaya ang iyong espiritu ay lalaya, ang iyong buhay ay mapupuno ng galak, at lagi kang magiging malapit sa Diyos at aasa sa Kanya. Sa oras na iyon, tunay mong malalaman kung gaano kahalaga ang gawain ng Diyos sa ngayon.

Hinango mula sa “Sa Pagdanas Lamang ng Masasakit na Pagsubok Mo Malalaman ang Pagiging Kaibig-ibig ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kapag ang Diyos ay gumagawa upang pinuhin ang tao, nagdurusa ang tao. Kapag mas matindi ang pagpipino sa tao, mas titindi ang kanilang pagmamahal sa Diyos, at nabubunyag ang higit pang kapangyarihan ng Diyos sa kanilang kalooban. Sa kabaligtaran, kapag mas katiting ang tinatanggap na pagpipino ng tao, mas katiting ang paglago ng kanilang pagmamahal sa Diyos, at mas katiting na kapangyarihan ng Diyos ang mabubunyag sa kanilang kalooban. Kapag mas matindi ang pagpipino at pasakit sa taong iyon at dumaranas siya ng mas malaking pahirap, mas lalago ang kanyang pagmamahal sa Diyos, magiging mas tunay ang kanyang pananampalataya sa Diyos, at mas lalalim ang kanyang kaalaman tungkol sa Diyos. Sa iyong mga karanasan, may makikita kang mga tao na nagdurusa nang malaki kapag sila ay pinipino, na pinakikitunguhan at dinidisiplina nang husto, at makikita mo na ang mga taong iyon ang may matinding pagmamahal sa Diyos at mas malalim at matalas na kaalaman tungkol sa Diyos. Yaong mga hindi pa nakaranas na mapakitunguhan ay mababaw lamang ang kaalaman, at ang masasabi lamang ay: “Napakabuti ng Diyos, ipinagkakaloob Niya ang biyaya sa mga tao upang magpakasaya sila sa Kanya.” Kung naranasan ng mga tao na mapakitunguhan at madisiplina, nagagawa nilang talakayin ang tunay na kaalaman tungkol sa Diyos. Kaya kapag mas kamangha-mangha ang gawain ng Diyos sa tao, mas mahalaga at makabuluhan ito. Kapag mas hindi ito tumatagos sa iyo at mas hindi ito kaayon ng iyong mga pagkaintindi, mas nagagawa kang lupigin, kamtin, at gawing perpekto ng gawain ng Diyos. Napakalaki ng kabuluhan ng gawain ng Diyos! Kung hindi pinino ng Diyos ang tao sa ganitong paraan, kung hindi Siya gumawa ayon sa pamamaraang ito, hindi magiging epektibo at mawawalan ng kabuluhan ang gawain ng Diyos. Sinabi noong araw na pipiliin at kakamtin ng Diyos ang grupong ito, at gagawin silang ganap sa mga huling araw; dito, mayroong pambihirang kabuluhan. Kapag mas matindi ang gawaing isinasagawa Niya sa inyong

kalooban, mas malalim at mas dalisay ang inyong pagmamahal sa Diyos. Kapag mas matindi ang gawain ng Diyos, mas nagagawa ng tao na maunawaan nang bahagya ang Kanyang karunungan at mas malalim ang kaalaman ng tao tungkol sa Kanya. Sa mga huling araw, ang anim na libong taong plano ng pamamahala ng Diyos ay magwawakas. Talaga bang madali iyong magwawakas? Kapag nalupig na Niya ang sangkatauhan, tapos na ba ang Kanyang gawain? Ganoon ba iyon kasimple? Iniisip ng mga tao na ganoon nga iyon kasimple, ngunit ang ginagawa ng Diyos ay hindi napakasimple. Anumang bahagi ng gawain ng Diyos ang gusto mong banggitin, lahat ay hindi maarok ng tao. Kung nagawa mong arukin ito, mawawalan ng kabuluhan o halaga ang gawain ng Diyos. Ang gawaing ginagawa ng Diyos ay di-maarok; lubos itong salungat sa iyong mga pagkaintindi, at kapag mas hindi ito kaayon ng iyong mga pagkaintindi, mas ipinakikita nito na makabuluhan ang gawain ng Diyos; kung kaayon ito ng iyong mga pagkaintindi, mawawalan ito ng kabuluhan. Ngayon, nadarama mo na ang gawain ng Diyos ay lubhang kamangha-mangha, at kapag mas kamangha-mangha ito sa pakiramdam mo, mas nadarama mo na ang Diyos ay di-maarok, at nakikita mo kung gaano kadakila ang mga gawa ng Diyos. Kung ang tanging ginawa Niya ay mababaw at padalus-dalos na gawain upang lupigin ang tao at wala na Siyang ibang ginawa pagkatapos, mawawalan ng kakayahan ang tao na mamasdan ang kabuluhan ng gawain ng Diyos. Bagama’t tumatanggap ka ngayon ng kaunting pagpipino, malaki ang pakinabang nito sa iyong paglago sa buhay; kaya’t napakahalagang dumanas ka ng gayong paghihirap. Ngayon, tumatanggap ka ng kaunting pagpipino, ngunit pagkatapos ay tunay mong mamamalas ang mga gawa ng Diyos, at sasabihin mo sa huli: “Lubhang kamangha-mangha ang mga gawa ng Diyos!” Ito ang sasambitin ng puso mo. Dahil naranasan nila sandali ang pagpipino ng Diyos (ang pagsubok sa mga tagasilbi at ang panahon ng pagkastigo), sinabi ng ilang tao sa huli: “Mahirap talagang maniwala sa Diyos!” Ang katotohanan na ginamit nila ang mga salitang, “mahirap talaga,” ay nagpapakita na ang mga gawa ng Diyos ay di-maarok, na ang

gawain ng Diyos ay may dakilang kabuluhan at halaga, at na ang Kanyang gawain ay lubhang karapat-dapat na pahalagahan ng tao. Kung, pagkatapos Kong gumawa ng napakaraming gawain, wala ka ni katiting na kaalaman, magkakaroon pa ba ng halaga ang Aking gawain? Sasabihin mo dahil dito na: “Mahirap talagang maglingkod sa Diyos, lubhang kamangha-mangha ang mga gawa ng Diyos, at talagang matalino ang Diyos! Ang Diyos ay lubhang kaibig-ibig!” Kung, matapos sumailalim sa isang panahon ng karanasan, nagagawa mong sabihin ang mga salitang iyon, pinatutunayan nito na natamo mo na ang gawain ng Diyos sa iyong kalooban.

Hinango mula sa “Yaong mga Gagawing Perpekto ay Kailangang Sumailalim sa Pagpipino” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Para maranasan ng mga tao ang gawain ng Diyos, kailangan muna nilang maunawaan ang Kanyang kasalukuyang gawain at kung paano dapat makipagtulungan ang sangkatauhan. Tunay ngang ito ay isang bagay na dapat maunawaan ng lahat. Anuman ang gawin ng Diyos, pagpipino man iyon o kahit hindi Siya nagsasalita, wala ni isang hakbang ng gawain ng Diyos ang nakaayon sa mga pagkaintindi ng sangkatauhan. Bawat hakbang ng Kanyang gawain ay sumisira at tumatagos sa mga pagkaintindi ng mga tao. Ito ay Kanyang gawain. Ngunit kailangan mong maniwala na, dahil nakaabot na ang gawain ng Diyos sa isang tiyak na yugto, hindi Niya papatayin ang buong sangkatauhan anuman ang mangyari. Nagbibigay Siya kapwa ng mga pangako at mga pagpapala sa sangkatauhan, at lahat niyaong sumusunod sa Kanya ay makakamtan ang Kanyang mga pagpapala, ngunit yaong mga hindi ay iwawaksi ng Diyos. Nakasalalay ito sa iyong paghahangad. Ano’t anuman ang mangyari, kailangan mong maniwala na kapag nagwakas na ang gawain ng Diyos, bawat tao ay magkakaroon ng isang angkop na hantungan. Ang Diyos ay naglaan sa sangkatauhan ng magagandang pangarap, ngunit kung walang paghahangad ay hindi makakamit ang mga ito. Dapat mo nang magawang makita ito ngayon—ang pagpipino at pagkastigo ng Diyos sa mga tao ay

Kanyang gawain, ngunit para sa mga tao, kailangan nilang hangaring baguhin ang kanilang disposisyon sa lahat ng oras. Sa iyong praktikal na karanasan, kailangan mo munang malaman kung paano kumain at uminom ng mga salita ng Diyos; kailangan mong hanapin sa Kanyang mga salita kung ano ang dapat mong pasukin at ang sarili mong mga pagkukulang, dapat mong hangaring makapasok sa iyong praktikal na karanasan, at kunin ang bahagi ng mga salita ng Diyos na dapat isagawa at subukang gawin iyon. Ang pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos ay isang aspeto. Bukod pa rito, ang buhay ng iglesia ay kailangan ding panatilihin, kailangan mong magkaroon ng isang normal na espirituwal na buhay, at kailangan mong magawang iabot sa Diyos ang lahat ng iyong kasalukuyang kalagayan. Paano man magbago ang Kanyang gawain, dapat manatiling normal ang iyong espirituwal na buhay. Mapapanatili ng isang espirituwal na buhay ang iyong normal na pagpasok. Anuman ang gawin ng Diyos, dapat ay ipagpatuloy mo ang iyong espirituwal na buhay nang walang gambala at gampanan mo ang iyong tungkulin. Ito ang dapat gawin ng mga tao. Ito ay gawaing lahat ng Banal na Espiritu, ngunit samantalang para sa mga may normal na kalagayan ito ay pagpeperpekto, para sa mga may abnormal na kalagayan ito ay isang pagsubok. Sa kasalukuyang yugto ng gawaing pagpipino ng Banal na Espiritu, sinasabi ng ilang tao na napakadakila ng gawain ng Diyos at na talagang kailangan ng mga tao ng pagpipino, kung hindi ay magiging napakababa ng kanilang tayog at wala silang magiging paraan para masunod ang kalooban ng Diyos. Gayunman, para sa mga yaon na hindi maganda ang kalagayan, nagiging dahilan ito upang hindi sundan ang Diyos, at dahilan upang huwag dumalo sa mga pagtitipon o kumain at uminom ng salita ng Diyos. Sa gawain ng Diyos, anuman ang gawin Niya o anumang mga pagbabago ang gawin Niya, kailangang panatilihin ng mga tao ang isang normal na espirituwal na buhay. Marahil ay hindi ka naging maluwag sa kasalukuyang yugtong ito ng iyong espirituwal na buhay, ngunit wala ka pa ring gaanong natamo, at wala kang gaanong napala. Sa ganitong klaseng mga sitwasyon, kailangan mo pa ring sundin ang mga patakaran; kailangan

mong sundin ang mga patakarang ito upang hindi ka mawalan sa iyong buhay at mapalugod mo ang kalooban ng Diyos. Kung abnormal ang iyong espirituwal na buhay, hindi mo mauunawaan ang kasalukuyang gawain ng Diyos, at sa halip ay palagi mong madarama na ito ay lubos na hindi kaayon ng iyong sariling mga pagkaintindi, at bagama't handa kang sundin Siya, wala kang sigla ng kalooban. Kaya, anuman ang kasalukuyang ginagawa ng Diyos, kailangang makipagtulungan ang mga tao. Kung hindi makikipagtulungan ang mga tao, hindi magagawa ng Banal na Espiritu ang Kanyang gawain, at kung wala sa puso ng mga tao ang makipagtulungan, mahihirapan silang makamit ang gawain ng Banal na Espiritu. Kung nais mong taglayin ang gawain ng Banal na Espiritu sa iyong kalooban, at kung nais mong makamit ang pagsang-ayon ng Diyos, kailangan mong panatilihin ang iyong orihinal na katapatan sa harap ng Diyos. Ngayon, hindi mo kailangang magkaroon ng mas malalim na pag-unawa, mas mataas na teorya, o iba pang gayong mga bagay—ang kailangan lamang ay pagtibayin mo ang salita ng Diyos sa orihinal na pundasyon. Kung hindi nakikipagtulungan ang mga tao sa Diyos at hindi naghahangad ng mas malalim na pagpasok, kukunin ng Diyos ang lahat ng bagay na dating kanila. Sa kanilang kalooban, palaging sakim ang mga tao sa kariwasaan at mas gustong tamasahin kung ano ang nariyan na. Nais nilang makamit ang mga pangako ng Diyos nang walang anumang kapalit. Ito ang maluluhong ideyang isinasaloob ng sangkatauhan. Ang pagkakamit ng buhay mismo nang walang anumang kapalit—ngunit mayroon bang anumang bagay na naging ganito kadali? Kapag ang isang tao ay naniniwala sa Diyos at naghahangad na pumasok sa buhay at naghahangad ng pagbabago sa kanilang disposisyon, kailangan nilang magbayad ng halaga at matamo ang isang kalagayan kung saan palagi nilang susundin ang Diyos, anuman ang Kanyang gawin. Ito ay isang bagay na kailangang gawin ng mga tao. Kahit sundin mo ang lahat ng ito bilang isang patakaran, kailangan mong laging panindigan ito, at gaano man katindi ang mga pagsubok, hindi mo maaaring bitiwan ang iyong normal na kaugnayan sa Diyos. Dapat mong magawang manalangin,

mapanatili ang iyong buhay-iglesia, at hindi iwanan kailanman ang iyong mga kapatid. Kapag sinubok ka ng Diyos, dapat mo pa ring hanapin ang katotohanan. Ito ang pinakamaliit na kinakailangan para sa isang espirituwal na buhay. Ang palaging naising maghangad, at sikaping makipagtulungan, gamitin ang lahat ng iyong lakas—magagawa ba ito? Kung gagawin itong pundasyon ng mga tao, magkakaroon sila ng paghiwatig at pagpasok sa realidad. Madaling tanggapin ang salita ng Diyos kapag ang iyong sariling kalagayan ay normal; sa ganitong mga sitwasyon parang hindi mahirap isagawa ang katotohanan, at nadarama mo na dakila ang gawain ng Diyos. Ngunit kung hindi maganda ang iyong kalagayan, gaano man kadakila ang gawain ng Diyos at gaano man kagandang magsalita ang isang tao, hindi mo papansinin. Kapag ang kalagayan ng isang tao ay abnormal, hindi makakagawa sa kanila ang Diyos, at hindi nila mababago ang kanilang disposisyon.

Hinango mula sa “Dapat Mong Panatilihin ang Iyong Katapatan sa Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang gawain at salita ng Diyos ay naglalayong magsanhi ng pagbabago sa inyong disposisyon; ang Kanyang mithiin ay hindi lamang basta ipaunawa o ipaalam sa inyo ang Kanyang gawain at salita. Hindi iyon sapat. Ikaw ay isang taong may kakayahang umunawa, kaya hindi ka dapat mahirapan sa pag-unawa sa salita ng Diyos, dahil karamihan sa salita ng Diyos ay nakasulat sa wika ng tao, at napakalinaw Niyang magsalita. Halimbawa, kayang-kaya mong malaman ang nais ipaunawa at ipasagawa sa inyo ng Diyos; ito ay isang bagay na dapat kayang gawin ng isang taong may kakayahang umunawa. Sa partikular, ang mga salitang sinasambit ng Diyos sa kasalukuyang yugto ay napakaliwanag at napakalinaw, at itinuturo ng Diyos ang maraming hindi pa naisaalang-alang ng mga tao, gayundin ang lahat ng uri ng kalagayan ng tao. Ang Kanyang mga salita ay para sa lahat, at kasingliwanag ng bilog na buwan. Kaya ngayon, nauunawaan ng mga tao ang maraming isyu, ngunit may kulang pa rin—ang pagsasagawa ng mga tao sa Kanyang salita. Kailangang

maranasan ng mga tao ang lahat ng aspeto ng katotohanang nang detalyado, at tuklasin at hangarin ito nang mas detalyado, sa halip na basta maghintay na tanggapin kung ano ang ibigay sa kanila; kung hindi ay nagiging mga palaasa lang sila sa iba. Alam nila ang salita ng Diyos, subalit hindi nila ito isinasagawa. Ang ganitong uri ng tao ay walang pagmamahal sa katotohanan at sa huli ay aalisin. Para maging katulad ng isang Pedro sa dekada 90, nangangahulugan ito na bawat isa sa inyo ay dapat isagawa ang salita ng Diyos, magkaroon ng tunay na pagpasok sa inyong mga karanasan at magkamit ng higit pa at mas dakilang kaliwanagan sa inyong pakikipagtulungan sa Diyos, na magdadala ng higit at higit pang tulong sa sarili ninyong buhay. Kung marami na kayong nabasa sa salita ng Diyos ngunit nauunawaan lamang ninyo ang kahulugan ng teksto at wala kayong personal na kaalaman sa salita ng Diyos sa pamamagitan ng inyong praktikal na mga karanasan, hindi mo malalaman ang salita ng Diyos. Para sa iyo, ang salita ng Diyos ay hindi buhay, kundi mga titik lamang na walang buhay. At kung ang ipamumuhay mo ay mga titik lamang na walang buhay, hindi mo mauunawaan ang diwa ng salita ng Diyos, ni mauunawaan ang Kanyang kalooban. Kapag naranasan mo na ang Kanyang salita sa iyong mga tunay na karanasan, saka lamang kusang mahahayag sa iyo ang espirituwal na kahulugan ng salita ng Diyos, at sa pamamagitan lamang ng karanasan mo mauunawaan ang espirituwal na kahulugan ng maraming katotohanan at mabubuksan ang mga hiwaga ng salita ng Diyos. Kung hindi mo ito isasagawa, gaano man kalinaw ang Kanyang salita, ang tanging naunawaan mo ay mga hungkag na titik at doktrina lamang, na naging mga tuntuning pangrelihiyon na sa iyo. Hindi ba ito ang ginawa ng mga Fariseo? Kung isinasagawa at nararanasan ninyo ang salita ng Diyos, nagiging praktikal ito sa inyo; kung hindi ninyo hinahangad isagawa ito, hihigit lang nang kaunti sa alamat ng ikatlong langit ang salita ng Diyos para sa iyo.

Hinango mula sa “Sa Sandaling Maunawaan Ninyo ang Katotohanan, Dapat Ninyo Itong Isagawa” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang patuloy na pagsisikap ng mga tao na makapasok sa buhay ay batay sa mga salita ng Diyos. Dati-rati, sinabi na lahat ay isinasakatuparan dahil sa Kanyang mga salita, ngunit walang nakakita sa katotohanang ito. Kung papasok ka sa pagdanas ng kasalukuyang hakbang, magiging malinaw ang lahat sa iyo, at magtatatag ka ng isang magandang pundasyon para sa mga pagsubok sa hinaharap. Anuman ang sabihin ng Diyos, magtuon ka lamang sa pagpasok sa Kanyang mga salita. Kapag sinabi ng Diyos na sisimulan Niyang kastiguhin ang mga tao, tanggapin mo ang Kanyang pagkastigo. Kapag hiniling ng Diyos na mamatay ang mga tao, tanggapin mo ang pagsubok na iyon. Kung palagi kang nabubuhay ayon sa Kanyang pinakabagong mga pahayag, sa huli ay gagawin kang perpekto ng mga salita ng Diyos. Habang mas pumapasok ka sa mga salita ng Diyos, mas mabilis kang gagawing perpekto. Bakit Ko hinihiling, sa sunud-sunod na pagbabahagi, na alamin ninyo at pasukin ang mga salita ng Diyos? Kapag patuloy mong pinagsisikapang matamo at maranasan ang mga salita ng Diyos, at pumapasok ka sa realidad ng Kanyang mga salita, saka lamang magkakaroon ng pagkakataon ang Banal na Espiritu na gumawa sa iyo. Samakatuwid, lahat kayo ay mga kalahok sa bawat pamamaraan ng paggawa ng Diyos, at gaano man kayo nagdurusa, sa huli ay tatanggap kayong lahat ng isang “paalaala.” Upang makamtan ang inyong panghuling pagpeperpekto, kailangan ninyong pumasok sa lahat ng salita ng Diyos. Ang pagpeperpekto ng Banal na Espiritu sa mga tao ay hindi pang-isahan; hinihingi Niyang makipagtulungan ang mga tao, kailangan Niya ang lahat na sadyang makipagtulungan sa Kanya. Anuman ang sabihin ng Diyos, magtuon lamang sa pagpasok sa Kanyang mga salita—magiging mas kapaki-pakinabang ito sa inyong buhay. Lahat ay para magkaroon ng pagbabago sa inyong disposisyon. Kapag pumasok ka sa mga salita ng Diyos, aantigin Niya ang puso mo, at magagawa mong malaman ang lahat ng nais ng Diyos na matupad sa hakbang na ito ng Kanyang gawain, at magkakaroon ka ng matibay na pagpapasya na tuparin ito. Sa panahon ng pagkastigo, may mga taong naniwala na ito ay isang pamamaraan ng gawain, at hindi

sila naniwala sa mga salita ng Diyos. Dahil dito, hindi sila sumailalim sa pagpipino, at lumabas mula sa panahon ng pagkastigo na walang anumang napala o naunawaan. May ilan na talagang pumasok sa mga salitang ito nang wala ni katiting na pagdududa, na nagsabi na ang mga salita ng Diyos ang katotohanang hindi maaaring magkamali at na dapat kastiguhin ang sangkatauhan. Nahirapan sila roon sa loob ng kaunting panahon, pinakakawalan ang kanilang kinabukasan at kanilang tadhana, at paglabas nila, nagkaroon ng kaunting pagbabago sa kanilang disposisyon, at nagtamo sila ng mas malalim na pagkaunawa tungkol sa Diyos. Nadama ng lahat ng nakastigo ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos at natanto nila na ang hakbang na ito ng gawain ay sumasagisag sa dakilang pagmamahal ng Diyos na sumasakanila, na ito ang paglupig at pagliligtas ng pagmamahal ng Diyos. Sinabi rin nila na ang mga iniisip ng Diyos ay palaging mabuti, at na lahat ng ginagawa ng Diyos sa tao ay dahil sa pagmamahal, hindi sa pagkamuhi. Yaong mga hindi naniwala sa mga salita ng Diyos, hindi umasa sa Kanyang mga salita, ay hindi sumailalim sa pagpipino sa panahon ng pagkastigo, at dahil dito, hindi sumakanila ang Banal na Espiritu, at wala silang napala. Para sa mga pumasok sa panahon ng pagkastigo, bagama't sumailalim nga sila sa pagpipino, lihim na gumagawa ang Banal na Espiritu sa kanilang kalooban, at nabago ang disposisyon nila sa buhay dahil dito. Tila ang ilan, paano man tingnan, ay napakapositibo, puno ng saya buong araw, ngunit hindi sila pumasok sa kalagayan ng pagpipino ng mga salita ng Diyos at kaya ni hindi man lang nagbago, na siyang naging bunga ng hindi paniniwala sa mga salita ng Diyos. Kung hindi mo pinaniniwalaan ang mga salita ng Diyos, hindi gagawa sa iyo ang Banal na Espiritu. Nagpapakita ang Diyos sa lahat ng naniniwala sa Kanyang mga salita, at yaong naniniwala at tumatanggap sa Kanyang mga salita ay makakamtan ang Kanyang pagmamahal!

Hinango mula sa "Ang mga Taong Nagbago Na ang Disposisyon ay Yaong mga Nakapasok Na sa Realidad ng mga Salita ng Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Bilang buod, ang pagtahak sa landas ni Pedro sa pananampalataya ng

isang tao ay nangangahulugan ng paglakad sa landas ng paghahabol sa katotohanan, na siya ring landas para tunay niyang makilala ang kanyang sarili at mabago ang kanyang disposisyon. Sa pamamagitan lamang ng paglakad sa landas ni Pedro mapupunta ang isang tao sa landas ng pagiging ginawang perpekto ng Diyos. Dapat maging malinaw sa isang tao kung paano ba talaga lumakad sa landas ni Pedro, gayundin kung paano ito isagawa. Una, dapat munang isantabi ng isang tao ang kanyang mga sariling layunin, mga di-wastong paghahangad, at maging ang kanyang pamilya at lahat ng bagay na para sa kanyang sariling laman. Dapat buong-pusong mag-ukol ang isang tao, na ang ibig sabihin, kailangang ganap niyang ilaan ang kanyang sarili sa salita ng Diyos, magtuon sa pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, tumutok sa paghahanap sa katotohanan at sa paghahanap sa mga hangarin ng Diyos sa Kanyang mga salita, at subukang maunawaan ang kalooban ng Diyos sa lahat ng bagay. Ito ang pinakapangunahin at ang pinakamahalagang paraan ng pagsasagawa. Ito ang ginawa ni Pedro pagkatapos niyang makita si Jesus, at sa pamamagitan lamang ng pagsasagawa sa ganitong paraan nakakamit ng isa ang pinakamahusay na mga resulta. Ang buong-pusong pagtatalaga sa mga salita ng Diyos ay pangunahing nangangahulugan ng paghahanap sa katotohanan, paghahanap sa hangarin ng Diyos sa loob ng Kanyang mga salita, pagtutuon ng pansin sa pag-unawa sa kalooban ng Diyos, at pag-unawa at pagkakamit ng mas maraming katotohanan mula sa mga salita ng Diyos. Kapag binabasa ang Kanyang mga salita, hindi nakatuon si Pedro sa pag-unawa sa mga doktrina at siya ay lalo pang hindi nakatuon sa pagkakamit ng kaalamang pangteolohiya; sa halip, siya ay nakatuon sa pag-unawa sa katotohanan at pag-unawa sa kalooban ng Diyos, at pagtatamo ng pagkaunawa ng Kanyang disposisyon at ng Kanyang pagiging kaibig-ibig. Sinubukan din niyang unawain ang iba’t ibang tiwaling mga kalagayan ng tao mula sa mga salita ng Diyos, at unawain ang tiwaling kalikasan ng tao at ang tunay na mga pagkukulang ng tao, tinatamo ang lahat ng aspeto ng mga hinihiling ng Diyos sa tao upang mapalugod Siya. Nagkaroon siya ng napakaraming wastong mga

pagsasagawa sa loob ng mga salita ng Diyos; ito ay halos naaayon sa kalooban ng Diyos, at ito ang pinakamahusay na pakikipagtulungan ng tao sa kanyang karanasan sa gawain ng Diyos. Habang dumaranas ng daan-daang pagsubok ng Diyos, mahigpit niyang sinuri ang kanyang sarili ayon sa bawat salita ng paghatol ng Diyos sa tao, bawat salita ng paghahayag Niya sa tao, at bawat salita ng Kanyang mga kahilingan sa tao, at sinikap na unawain ang kahulugan ng mga pagbikas na iyon. Masigasig niyang pinagnilayan at isinaulo ang bawat salitang sinabi sa kanya ni Jesus, at napakaganda ng nakamtan niyang mga resulta. Sa ganitong paraan ng pagsasagawa, naunawaan niya ang kanyang sarili mula sa mga salita ng Diyos, at hindi lang ang iba't ibang tiwaling kalagayan ng tao ang naunawaan niya, kundi pati na ang diwa, likas na pagkatao, at ang iba't ibang pagkukulang ng tao. Ito ang kahulugan ng tunay na maunawaan ang sarili. Mula sa mga salita ng Diyos, hindi lamang niya natamo ang tunay na pagkaunawa ukol sa sarili niya, kundi mula sa mga bagay na ipinapahayag sa mga pagbigkas ng Diyos—ang matuwid na disposisyon ng Diyos, kung ano ang mayroon at kung ano Siya, ang kalooban ng Diyos para sa Kanyang gawain, ang Kanyang mga hinihingi sa sangkatauhan—mula sa mga salitang ito nakarating siya sa lubos na pagkakilala sa Diyos. Nakarating siya sa pagkakilala sa disposisyon ng Diyos, at sa Kanyang diwa; nakilala at naunawaan niya kung ano ang mayroon at kung ano ang Diyos, sa pagiging kaibig-ibig ng Diyos at mga hinihingi ng Diyos para sa tao. Bagama't ang Diyos ay hindi gaanong nagsalita noong panahong iyon kagaya ng Kanyang ginagawa sa kasalukuyan, nagkaroon ng bunga kay Pedro sa mga aspetong ito. Ito ay isang bihira at napakahalagang bagay. Dumaan si Pedro sa daan-daang pagsubok, subalit hindi nagdusa nang walang-saysay. Hindi lamang niya naunawaan ang kanyang sarili mula sa mga salita at sa gawa ng Diyos, kundi nakilala rin niya ang Diyos. Dagdag pa riyan, sa mga pagbigkas ng Diyos, nagtuon siya lalo na sa mga hinihingi ng Diyos sa sangkatauhan sa loob ng Kanyang mga salita. Sa alinmang mga aspeto dapat bigyang-kasiyahan ng tao ang Diyos upang makaayon sa kalooban ng Diyos, nagawang magsikap nang husto ni Pedro sa mga

aspetong ito at nakamtan ang buong kalinawan; lubhang kapaki-pakinabang patungkol sa sarili niyang pagpasok. Anuman ang pinatungkulan ng Diyos, basta't ang mga salitang iyon ay maaaring maging buhay at ang katotohanan, nakaya ni Pedro na iukit ang mga ito sa kanyang puso upang madalas na pagbulayan at pahalagahan ang mga ito. Matapos mapakinggan ang mga salita ni Jesus nakaya niyang isapuso ang mga ito, na nagpapakita na siya ay espesyal na nakatuon sa mga salita ng Diyos, at tunay na nakamtan niya ang mga resulta sa huli. Ibig sabihin, nakaya niyang malayang isagawa ang mga salita ng Diyos, tumpak na isagawa ang katotohanan at mapahanay sa kalooban ng Diyos, kumilos nang lubusang naaayon sa intensiyon ng Diyos, at isuko ang kanyang sariling personal na mga opinyon at imahinasyon. Sa ganitong paraan, pumasok si Pedro sa realidad ng mga salita ng Diyos. Ang serbisyo ni Pedro ay kahanay sa kalooban ng Diyos, una sa lahat, dahil ginawa niya na ito.

Hinango mula sa "Paano Lakaran Ang Landas ni Pedro" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung naniniwala ka sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, kung gayon ay dapat kang maniwala na ang mga pang-araw-araw na pangyayari, mabuti man o masama ang mga ito, ay hindi basta na lamang nagaganap. Hindi ito dahil may isang sinasadyang magpahirap sa iyo o pumuntirya sa iyo; lahat ng ito ay isinaayos ng Diyos. Bakit isinasaayos ng Diyos ang lahat ng mga bagay na ito? Hindi ito para ibunyag kung sino ka o upang ilantad ka; ang paglalantad sa iyo ay hindi ang panghuling layunin. Ang layunin ay gawin kang perpekto at iligtas ka. Paano iyan ginagawa ng Diyos? Nagsisimula Siya sa pamamagitan ng pagpapabatid sa iyo ng iyong sariling tiwaling disposisyon, ng iyong kalikasan at diwa, ng iyong mga pagkukulang, at kung ano ang kulang sa iyo. Tanging sa pag-alam sa mga bagay na ito at pagkakaroon ng malinaw na pag-unawa ng mga ito mo lamang makakayang itaguyod ang katotohanan at unti-unting maiwaksi ang iyong tiwaling disposisyon. Ito ang Diyos na nagkakaloob sa iyo ng

pagkakataon. Dapat mong malaman kung paano sasamantalahin ang pagkakataong ito, at hindi ka dapat makipagtalo sa Diyos. Lalo na kapag napaharap sa mga tao, mga pangyayari, at mga bagay na isinasaayos ng Diyos sa paligid mo, huwag laging pakiramdaman na hindi ayon sa nais mo ang mga bagay-bagay, huwag laging naisin na matakasan sila o laging sisihin at hindi unawain ang Diyos. Kung lagi mong ginagawa ang mga bagay na iyon, kung gayon ay hindi mo dinaranas ang gawain ng Diyos, at magiging napakahirap para sa iyo na pumasok sa katotohanang realidad. Anumang makaharap mo na hindi mo ganap na maunawaan, kung lumilitaw ang mga hirap, dapat mong matutuhang magpasakop. Dapat kang magsimula sa paglapit sa Diyos at higit na pananalangin. Sa ganyang paraan, bago mo pa mamalayan, magkakaroon ng pagbabago sa iyong panloob na kalagayan, at magagawa mong hanapin ang katotohanan upang malutas ang iyong suliranin. Sa gayon, magagawa mong maranasan ang gawain ng Diyos. Habang nagaganap ito, ang katotohanang realidad ay mahuhubog sa loob mo, at sa ganito ka susulong at sasailalim sa isang pagbabagong-anyo ng katayuan ng iyong buhay. Sa sandaling napagdaanan mo na ang pagbabagong ito at nagtataglay ka nitong katotohanang realidad, mag-aangkin ka rin ng mataas na katayuan, at kasama ng tayog ang buhay.

Hinango mula sa “Para Tamuhin ang Katotohanan, Dapat Matuto Ka Mula sa Mga Tao, Mga Pangyayari, at Mga Bagay sa Paligid Mo” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Nararanasan ba ninyo ang gawain ng Diyos sa araw-araw na pagganap ng inyong tungkulin? Nananalangin ka ba sa Diyos kapag nahaharap sa mga suliranin, at malulutas mo ba ang mga iyon sa pamamagitan ng paghahanap ng katotohanan? Nauugnay ito sa isyu ng pagpasok sa buhay. Kung hindi isinasaalang-alang ng isang tao ang kalagayan niya at ginagamit ang mga salita ng Diyos upang malutas ang mga problema sa pagganap ng tungkulin, ang pagganap ng tungkuling iyon kung gayon ay walang kinalaman sa paniniwala sa Diyos. Anumang tungkulin ang iyong isinasagawa o anuman ang iyong ginagawa, dapat

mong bigyang-pansin ang mga nakapaloob na aspekto ng mga salita ng Diyos, pati na rin ang sarili mong mga saloobin, opinyon, o maling hangarin, na ang lahat ay bahagi ng kalagayan ng tao. Ano ang kasama sa kalagayan ng tao? Kasama rito ang mga katayuan, saloobin, hangarin, at pananaw ng mga tao, pati na rin ang ilang mga pilosopiya, lohika, at kaalaman—at lahat ng bagay na ito, sa madaling sabi, ay nauugnay sa karaniwang mga moda at pamamaraan ng tao sa pagkilos at pakikitungo sa iba. Kapag nahaharap sa gawain, dapat mo munang suriin kung ano ang iyong pananaw—ito ang unang hakbang. Ang pangalawang hakbang ay suriin kung tama ba ang pananaw na iyon. Paano dapat mo matutukoy kung gayon kung tama o hindi ang iyong pananaw? Natutukoy ito ayon sa mga salita ng Diyos sa isang banda, at sa kabilang banda ay ayon sa mga prinsipyo ng uri ng tungkuling pinag-uusapan: ang tahasang hinihingi ng mga salita ng Diyos, halimbawa, o ang mga kasunduan at alituntunin sa trabaho sa bahay ng Diyos, o ang hangarin ng bahay ng Diyos. Gamitin ang mga bagay na ito upang matukoy kung tama ang isang pagtingin—sila ang mga pamantayan ng pagsukat.

Hinango mula sa “Ang Dapat na Saloobin ng Tao Patungkol sa Diyos” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Pagkaraan ng ilang taon, nabugbog ng panahon ang tao, nakaranas na ng hirap ng pagpipino at pagkastigo. Bagama’t nawala sa tao ang “kaluwalhatian” at “pagmamahalan” ng mga panahong nakaraan, hindi niya namalayan na nauunawaan na niya ang mga prinsipyo ng pag-uugali ng tao, at nagkaroon na siya ng pagpapahalaga sa ilang taon ng debosyon ng Diyos sa pagliligtas sa sangkatauhan. Unti-unting nagsimulang kasuklaman ng tao ang sarili niyang kabangisan. Nagsisimula siyang kamuhian kung gaano siya kabangis, lahat ng maling pagkaunawa niya sa Diyos, at ang di-makatwirang mga kahilingang nagawa niya sa Kanya. Hindi maibabalik ang mga kamay ng orasan. Ang nakaraang mga kaganapan ay nagiging malulungkot na alaala ng tao, at ang mga salita at pagmamahal ng Diyos ang nagtutulak sa tao na magbagumbuhay. Ang mga sugat ng tao ay

naghihilom araw-araw, nagbabalik ang kanyang lakas, at tumatayo siya at tumitingin sa mukha ng Makapangyarihan sa lahat … para lamang matuklasan na palagi Siyang nasa aking tabi, at na ang Kanyang ngiti at Kanyang magandang mukha ay lubha pa ring nagpapasigla. May malasakit pa rin Siya sa Kanyang puso para sa sangkatauhan na Kanyang nilikha, at mainit at makapangyarihan pa rin ang Kanyang mga kamay tulad noong simula. Para bang ang tao ay nagbalik sa Halamanan ng Eden, subalit sa pagkakataong ito ay hindi na nakikinig ang tao sa mga panunukso ng ahas at hindi na tumatalikod palayo sa mukha ni Jehova. Lumuluhod ang tao sa harap ng Diyos, tumitingala sa nakangiting mukha ng Diyos, at nag-aalok ng kanyang pinakamahalagang sakripisyo—O! Panginoon ko, Diyos ko!

Hinango mula sa “Maaari Lamang Maligtas ang Tao sa Gitna ng Pamamahala ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kapag nararanasan ng mga tao ang gawain ng Diyos, ang una nilang kaalaman tungkol sa Kanya ay na Siya ay di-maarok, matalino, at kamangha-mangha, at hindi nila namamalayan na nagpipitagan sila sa Kanya at nadarama nila ang hiwaga ng gawaing Kanyang ginagawa, na hindi maunawaan ng isip ng tao. Nais lamang ng mga tao na matugunan ang Kanyang mga kinakailangan, mabigyang-kasiyahan ang Kanyang mga hangarin; ayaw nilang malampasan Siya, dahil ang gawaing Kanyang ginagawa ay hindi abot ng isip at imahinasyon ng tao at hindi magagawa ng tao para sa Kanya. Kahit ang tao mismo ay hindi alam ang sarili niyang mga kakulangan, subalit nagbukas na ang Diyos ng isang bagong landas at naparito upang dalhin ang tao sa mas bago at mas magandang mundo, at sa gayon ay nakagawa ang sangkatauhan ng panibagong pagsulong at nagkaroon na ng bagong simula. Ang nadarama ng tao para sa Diyos ay hindi paghanga, o ang ibig Kong sabihin, hindi lamang paghanga. Ang kanilang pinakamalalim na karanasan ay pangingimi at pagmamahal; ang pakiramdam nila ay na ang Diyos ay talagang kamangha-mangha. Gumagawa Siya ng gawaing hindi kayang gawin ng tao at nagsasabi ng mga bagay na hindi kayang sabihin ng tao. Ang mga taong nakaranas na

ng gawain ng Diyos ay laging mayroong di-maipaliwanag na damdamin. Ang mga taong may sapat na lalim ng karanasan ay nauunawaan ang pagmamahal ng Diyos; nadarama nila ang Kanyang pagiging kaibig-ibig, na ang Kanyang gawain ay napakatalino, lubhang kamangha-mangha, at sa gayon ay nabubuo sa kanila ang walang-hanggang kapangyarihan. Hindi iyon takot o paminsang-minsang pagmamahal at paggalang, kundi isang malalim na pakiramdam ng habag at pagpaparaya ng Diyos sa tao. Gayunman, ang mga taong nakaranas na ng Kanyang pagkastigo at paghatol ay nararamdaman ang Kanyang karingalan at na wala Siyang pinalalagpas na pagkakasala. Kahit ang mga taong nakaranas na ng marami sa Kanyang gawain ay hindi Siya maarok; alam ng lahat ng tunay na nagpipitagan sa Kanya na ang Kanyang gawain ay hindi nakaayon sa mga kuru-kuro ng mga tao kundi palaging sumasalungat sa kanilang mga kuru-kuro. Hindi Niya kailangang hangaan Siya nang lubusan ng mga tao o magpakita ng pagpapasakop sa Kanya; sa halip, dapat silang magkaroon ng tunay na pagpipitagan at tunay na pagpapasakop. Sa karamihan ng Kanyang gawain, sinumang may tunay na karanasan ay nakadarama ng pagpipitagan sa Kanya, na mas mataas kaysa paghanga. Nakita na ng mga tao ang Kanyang disposisyon dahil sa Kanyang gawain ng pagkastigo at paghatol, at sa gayon ay buong-puso silang nagpipitagan sa Kanya. Ang Diyos ay nararapat pagpitaganan at sundin, dahil ang Kanyang katauhan at Kanyang disposisyon ay hindi kapareho ng sa isang nilalang at mas mataas sa mga nilalang. Ang Diyos ay umiiral nang mag-isa at walang katapusan, at hindi Siya isang nilalang, at ang Diyos lamang ang karapat-dapat na pagpitaganan at sundin; hindi karapat-dapat ang tao para dito. Kaya, lahat ng nakaranas na ng Kanyang gawain at tunay na nakakilala sa Kanya ay nakakaramdam ng pagpipitagan sa Kanya. Gayunman, yaong mga ayaw bumitaw sa kanilang mga kuru-kuro tungkol sa Kanya—yaong mga talagang hindi Siya itinuturing na Diyos—ay walang pagpipitagan sa Kanya, at bagama’t sumusunod sila sa Kanya, hindi sila nalupig; sila ay likas na masuwaying mga tao. Ang nais Niyang makamtan sa pamamagitan ng paggawa ng gayon ay para lahat ng nilalang ay

magkaroon ng pusong nagpipitagan sa Lumikha, sumasamba sa Kanya, at nagpapasakop sa Kanyang kapamahalaan nang walang pasubali. Ito ang huling resultang nais makamit ng lahat ng Kanyang gawain. Kung lahat ng taong nakaranas na ng gayong gawain ay hindi nagpipitagan sa Diyos, kahit kaunti, at kung ang kanilang dating pagsuway ay hindi man lamang nagbabago, siguradong aalisin sila. Kung ang saloobin ng isang tao sa Diyos ay para lamang hangaan Siya o magpakita ng paggalang sa Kanya mula sa malayo, at hindi para mahalin Siya kahit katiting, ito ang resultang naabot ng isang taong walang pusong nagmamahal sa Diyos, at wala sa taong iyon ang mga kalagayan para magawang perpekto. Kung hindi natamo ng napakaraming gawain ang tunay na pagmamahal ng isang tao, hindi pa nakamit ng taong iyon ang Diyos at hindi niya tunay na hinahanap ang katotohanan. Ang isang taong hindi mahal ang Diyos ay hindi mahal ang katotohanan at sa gayon ay hindi makakamit ang Diyos, lalong hindi niya matatanggap ang pagsang-ayon ng Diyos. Ang gayong mga tao, paano man nila nararanasan ang gawain ng Banal na Espiritu, at paano man nila nararanasan ang paghatol, ay hindi magawang magpitagan sa Diyos. Ito ay mga taong hindi mababago ang likas na pagkatao at napakasama ng disposisyon. Lahat ng hindi nagpipitagan sa Diyos ay aalisin, upang maging mga pakay ng kaparusahan, at maparusahan tulad ng mga gumagawa ng kasamaan, upang magdusa nang higit pa kaysa sa mga nakagawa ng masasamang bagay.

Hinango mula sa “Gawain ng Diyos at Gawain ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

22. Ang mga Prinsipyo ng Paghahanap sa Katotohanan

(1) Kinakailangan kumain at uminom ng mga salita ng Diyos nang madalas, magkaroon ng tunay na pakikipagniig sa Kanya, magawang hanapin ang katotohanan sa Kanyang mga salita, at isagawa ang katotohanan, at makapasok sa realidad;

(2) Kinakailangang magpasakop sa gawain ng Diyos at tanggapin ang Kanyang paghatol at pagkastigo at ang pagtatabas at pagharap Niya.

Kinakailangang magkaroon ng kakayahan sa pagmumuni-muni at pagkilala sa sarili upang makapagbago ang tiwaling disposisyon ng isang tao;

(3) Kinakailangang magtatag ng isang normal na kaugnayan sa Diyos at taos-pusong gugulin ang sarili para sa Kanya. Saka lamang mapapangunahan at magagawang perpekto ng gawain ng Banal na Espiritu ang isang tao;

(4) Kinakailangang lakaran ang landas ni Pedro, na hinahanap ang katotohanan at nagmumuni-muni sa sarili sa lahat ng bagay, ituon ang pansin sa pagpapatupad ng pagbabago sa disposisyon ng isang tao, at maging isang taong tunay na nagmamahal sa Diyos.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Simple man o malalim sa tingin ang mga salitang sinasambit ng Diyos, lahat ng iyon ay mga katotohanang kailangang-kailangan ng tao habang pumapasok siya sa buhay; ang mga iyon ang pinagmumulan ng tubig na buhay na nagbibigay sa tao ng kakayahang mabuhay kapwa sa espiritu at laman. Ipinagkakaloob ng mga ito ang kailangan ng tao para manatiling buhay; ang mga prinsipyo at doktrina para pangasiwaan ang kanyang pang-araw-araw na buhay; ang landas, layunin, at direksyong kailangan niyang daanan para makatanggap ng kaligtasan; bawat katotohanan na dapat niyang taglayin bilang isang nilikha sa harapan ng Diyos; at bawat katotohanan tungkol sa kung paano sumusunod ang tao at sumasamba sa Diyos. Ang mga iyon ang garantiya na tumitiyak ng pananatiling buhay ng tao, ang mga iyon ang pang-araw-araw na tinapay ng tao, at ang mga iyon din ang matibay na suportang nagbibigay-kakayahan sa tao na maging malakas at manindigan. Sagana ang mga iyon sa katotohanang realidad ng normal na pagkatao ayon sa pagsasabuhay rito ng nilikhang sangkatauhan, sagana sa katotohanang nagpapalaya sa sangkatauhan mula sa katiwalian at iniiwas sila sa mga patibong ni Satanas, sagana sa walang-pagod na pagtuturo, pangaral, paghihikayat, at pag-aliw na ibinibigay ng Lumikha sa nilikhang sangkatauhan. Ang mga iyon ang mga parolang gumagabay at nagbibigay liwanag sa mga tao para maunawaan ang lahat ng positibo, ang garantiya na tumitiyak na isasabuhay at

tataglayin ng mga tao ang lahat ng matuwid at mabuti, ang pamantayan kung saan lahat ng tao, kaganapan, at bagay ay sinusukat, at pananda rin sa paglalakbay na nag-aakay sa mga tao tungo sa kaligtasan at sa landas ng liwanag. Sa praktikal na pagdanas lamang sa mga salita ng Diyos maaaring tustusan ng katotohanan at buhay ang tao; dito lamang maaaring maunawaan ng tao kung ano ang normal na pagkatao, ano ang isang makabuluhang buhay, ano ang isang tunay na nilalang, ano ang tunay na pagsunod sa Diyos; dito lamang maaaring maunawaan ng tao kung paano niya dapat pagmalasakitan ang Diyos, paano tuparin ang tungkulin ng isang nilalang, at paano magtaglay ng wangis ng isang tunay na tao; dito lamang maaaring maunawaan ng tao kung ano ang ibig sabihin ng tunay na pananampalataya at tunay na pagsamba; dito lamang maaaring maunawaan ng tao kung sino ang Hari ng kalangitan at lupa at lahat ng bagay; dito lamang maaaring maunawaan ng tao ang kaparaanang gamit Niya na siyang Panginoon ng lahat ng nilikha sa paghahari, pamumuno, at paglalaan para sa mga nilikha; at dito lamang maaaring maunawaan at maintindihan ng tao ang kaparaanang gamit Niya na Panginoon ng lahat ng nilikha sa pag-iral, pagpapakita, at paggawa. Hiwalay sa tunay na karanasan sa mga salita ng Diyos, walang tunay na kaalaman o kabatiran ang tao sa mga salita ng Diyos at sa katotohanan. Ang gayong tao ay talagang isang buhay na bangkay, isang lalagyang walang kalaman-laman, at lahat ng kaalamang may kaugnayan sa Lumikha ay walang anumang kinalaman sa kanya. Sa mga mata ng Diyos, ang gayong tao ay hindi naniwala sa Kanya kailanman, ni hindi sumunod sa Kanya kailanman, kaya nga hindi rin siya kinikilala ng Diyos bilang Kanyang mananampalataya o Kanyang tagasunod, lalong hindi bilang isang tunay na nilalang.

Hinango mula sa “Pagkilala sa Diyos ang Landas tungo sa Pagkakaroon ng Takot sa Diyos at Pag-iwas sa Kasamaan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa ngayon, ginagawa ng Diyos ang gawain ng paghuhukom sa mga huling araw, at nagpahayag ng maraming salita. Sa landas ng pananampalataya sa Diyos, marami tayong naranasan na nauugnay sa

katotohanan. Walang landas kung hindi natin hahanapin ang katotohanan, kaya dapat mayroon tayong kaalaman sa katotohanan, at kapag binabasa natin ang mga salita ng Diyos, dapat nating isama ang mga ito sa realidad. Ang lahat ng salita ng Diyos ay ang katotohanan at dapat maranasan nang personal. Mula sa oras na ipanganak ang mga tao hanggang sa sila ay tumanda, magsimulang magtrabaho, magsimula ng pamilya, at magtatag ng karera, sa buong buhay nila—kasama ang mga tao, mga pangyayari, at mga bagay na nakakaharap nila, at lahat ng nangyayari sa kanila—walang anumang nalalapit sa katotohanan, lalong walang anuman silang nauunawaan sa pamamagitan ng katotohanan. Tulad nito, ang bawat isang tao ay hindi nakakikilala sa katotohanan. At ito mismo ay sapagkat lahat tayo ay nagkukulang ng katotohanang, simula ngayon, ay dapat nating habulin ang katotohanan; ito ay mahalaga. Kung hindi mo pa napagtatanto na kapag naniniwala ka sa Diyos ay dapat mong habulin ang katotohanan, at ang katotohanan lamang ang makapagpapabago sa iyo, makagagawa sa iyong ganap, makapagliligtas sa iyo, at tunay na makapagdadala sa iyo sa harap ng Diyos, hindi ka magkakaroon ng interes sa katotohanan, at samakatuwid ay hindi mo ito kayang habulin. Sinasabi ng ibang tao, “Sapat nang sa aking pananampalataya sa Diyos, hindi ako nag-aalangang kainin at inumin ang mga salita ng Diyos, mamuhay sa paraan ng simbahan, gampanan ang aking tungkulin, at ipangaral ang ebanghelyo—kaya bakit kailangan ko ring habulin ang katotohanan? Hindi ako karaniwang nagkakasala o lumalaban sa Diyos, at hindi rin ako isang antikristo. Iniiwasan ko ang masasama. Kailangan ko lang ng ilang simpleng mga patakaran upang gabayan at matulungan ako, iyon lang; Hindi ko kailangang maghanap ng anumang malabong mga katotohanan.” Ito ba ang tamang paraan ng pagtingin sa mga bagay? (Hindi.) Bakit hindi? (Sapagkat maliligtas lamang ng Diyos ang mga tao sa sandaling makamit nila ang katotohanan.) Sa ngayon may ibang taong nagtataglay ng hindi malinaw na kamalayan sa kung gaano kahalaga ang katotohanan sa kanilang kaligtasan, at iyon ay mabuting bagay. Gayunpaman, kung ang kamalayang ito ay maaaring mag-ugat ay nakasalalay sa kung paano mo

susunod na hahabulin ang katotohanan. Napakahalaga ng paghahabol sa katotohanan. Halimbawa, kapag ikaw ay negatibo at mahina, maaari ka bang maging malakas nang walang suporta at pagkakaloob ng katotohanan? Kaya mo bang mapagtagumpayan ang iyong kahinaan? Kaya mo bang mapagtanto kung bakit ka naging negatibo at mahina? Tiyak na hindi. Kapag pabaya ka at walang pakialam habang ginagampanan ang iyong tungkulin, naaayos mo ba ang aspektong ito ng iyong katiwalian nang hindi hinahanap ang katotohanan? Kaya mo bang maging tapat sa Diyos? Nakikilala ba ng mga tao ang kanilang sarili at natutugunan ang kanilang mga tiwaling disposisyon kung hindi nila hinahanap ang katotohanan? Hindi. Kapag ang mga tao ay palaging may mga kuru-kuro tungkol sa Diyos, at palagi Siyang sinusukat gamit ang sarili nilang mga kuru-kuro at haka-haka, maaari bang malutas ang mga gayong bagay nang walang katotohanan? Hindi maaari. Sa karamihan ng nakakaharap natin —kabilang ang mga bagay sa ating pang-araw-araw na pamumuhay—kung hindi natin taglay ang katotohanan, hindi hinahanap ang katotohanan, at saka, hindi nauunawaan ang katotohanan, at kung mangmang tayo sa sinasabi ng Diyos tungkol sa mga gayong bagay at sa Kanyang kalooban, paano natin haharapin ang nangyayari sa atin kung gayon? Ang mga medyo mas magaling ay maaaring sumubok na maghanap ng solusyon gamit ang mga salita, parirala, at panuntunan na pamilyar sa kanila, o sa pamamagitan ng paggamit ng mga pamamaraan ng tao, ngunit mapapalitan ba nito ang katotohanan sa paglutas ng kanilang mga problema? Kung hindi natin hahanapin ang katotohanan, masasabing walang anuman sa buhay natin ang mayroong anumang prinsipyo, ni wala tayong landas sa pagsasagawa, lalong wala tayong anumang layunin o direksyon. Kung ito ang kaso, ang lahat ng ating ginagawa ay sumasalungat at nagtataksil sa Diyos. Sa gayon, hindi ba Niya kinamumuhian at sinusumpa ang lahat ng ating ginagawa? Hindi ba Niya hahatulan at kakastiguhin ang ating mga kilos? Samakatuwid, malamang na bago tunay na maunawaan ang katotohanan, makatatagpo ang bawat tao ng ilan sa paghuhusga, pagkastigo, pagtutuwid, at

pagdidisiplina ng Diyos—ang layunin ng lahat ng ito ay makamit ng mga tao ang katotohanan.

Hinango mula sa “Ang Kahalagahan ng Paghahabol sa Katotohanan at ang Landas ng Paghahabol Dito” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sa paghahangad ng buhay, dapat mong bigyan pansin ang dalawang bagay: una, ang pag-unawa sa katotohanang napapaloob ng salita ng Diyos; pangalawa, ang pag-unawa sa sarili mo sa loob ng salita ng Diyos. Ang dalawang bagay na ito ang pinakapangunahin. Walang buhay o katotohanan sa labas ng salita ng Diyos. Kung hindi mo hinahanap ang katotohanang napapaloob sa salita ng Diyos, saan, kung ganoon, mo ito puwedeng hanapin? Saan ba may katotohanan sa daigdig? Saan ba may anumang katotohanang masasabi sa mga aklat ng daigdig? Ang mga pinakamahalagang bahagi ng pag-unawa sa katotohahang napapaloob sa salita ng Diyos ay ang pag-unawa sa Diyos sa loob ng salita Niya, pag-unawa sa buhay ng taong napapaloob sa salita Niya, pag-unawa sa lahat ng aspeto ng katotohanang napapaloob sa salita Niya, tunay na pag-unawa sa sarili, at pagtuklas sa kahulugan ng pag-iral ng sangkatauhan sa loob ng salita ng Diyos. Lahat ng katotohanan ay napapaloob sa salita ng Diyos. Hindi ka makakapasok sa katotohanan maliban kung ginawa ito sa pamamagitan ng salita ng Diyos. Ang pangunahing kalalabasang kailangan mong maabot ay ang malaman kung ano ang magkaroon ng tunay na pag-unawa sa salita ng Diyos. Sa tunay na pag-unawa sa salita ng Diyos, mauunawaan mo ang katotohanan: Ito ang pinakapangunahing bagay.

Hinango mula sa “Sa Pamamagitan Lamang ng Paghahabol sa Katotohanan Nakakamit ng Isang Tao ang Pagbabago sa Disposisyon” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Bilang buod, ang pagtahak sa landas ni Pedro sa pananampalataya ng isang tao ay nangangahulugan ng paglakad sa landas ng paghahabol sa katotohanan, na siya ring landas para tunay niyang makilala ang kanyang sarili at mabago ang kanyang disposisyon. Sa pamamagitan lamang ng paglakad sa landas ni Pedro mapupunta ang isang tao sa landas ng pagiging ginawang perpekto ng Diyos. Dapat maging malinaw sa isang tao

kung paano ba talaga lumakad sa landas ni Pedro, gayundin kung paano ito isagawa. Una, dapat munang isantabi ng isang tao ang kanyang mga sariling layunin, mga di-wastong paghahangad, at maging ang kanyang pamilya at lahat ng bagay na para sa kanyang sariling laman. Dapat buong-pusong mag-ukol ang isang tao, na ang ibig sabihin, kailangang ganap niyang ilaan ang kanyang sarili sa salita ng Diyos, magtuon sa pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, tumutok sa paghahanap sa katotohanan at sa paghahanap sa mga hangarin ng Diyos sa Kanyang mga salita, at subukang maunawaan ang kalooban ng Diyos sa lahat ng bagay. Ito ang pinakapangunahin at ang pinakamahalagang paraan ng pagsasagawa. Ito ang ginawa ni Pedro pagkatapos niyang makita si Jesus, at sa pamamagitan lamang ng pagsasagawa sa ganitong paraan nakakamit ng isa ang pinakamahusay na mga resulta. Ang buong-pusong pagtatalaga sa mga salita ng Diyos ay pangunahing nangangahulugan ng paghahanap sa katotohanan, paghahanap sa hangarin ng Diyos sa loob ng Kanyang mga salita, pagtutuon ng pansin sa pag-unawa sa kalooban ng Diyos, at pag-unawa at pagkakamit ng mas maraming katotohanan mula sa mga salita ng Diyos. Kapag binabasa ang Kanyang mga salita, hindi nakatuon si Pedro sa pag-unawa sa mga doktrina at siya ay lalo pang hindi nakatuon sa pagkakamit ng kaalamang pangteolohiya; sa halip, siya ay nakatuon sa pag-unawa sa katotohanan at pag-unawa sa kalooban ng Diyos, at pagtatamo ng pagkaunawa ng Kanyang disposisyon at ng Kanyang pagiging kaibig-ibig. Sinubukan din niyang unawain ang iba’t ibang tiwaling mga kalagayan ng tao mula sa mga salita ng Diyos, at unawain ang tiwaling kalikasan ng tao at ang tunay na mga pagkukulang ng tao, tinatamo ang lahat ng aspeto ng mga hinihiling ng Diyos sa tao upang mapalugod Siya. Nagkaroon siya ng napakaraming wastong mga pagsasagawa sa loob ng mga salita ng Diyos; ito ay halos naaayon sa kalooban ng Diyos, at ito ang pinakamahusay na pakikipagtulungan ng tao sa kanyang karanasan sa gawain ng Diyos. Habang dumaranas ng daan-daang pagsubok ng Diyos, mahigpit niyang sinuri ang kanyang sarili ayon sa bawat salita ng paghatol ng Diyos sa tao, bawat salita ng paghahayag

Niya sa tao, at bawat salita ng Kanyang mga kahilingan sa tao, at sinikap na unawain ang kahulugan ng mga pagbikas na iyon. Masigasig niyang pinagnilayan at isinaulo ang bawat salitang sinabi sa kanya ni Jesus, at napakaganda ng nakamtan niyang mga resulta. Sa ganitong paraan ng pagsasagawa, naunawaan niya ang kanyang sarili mula sa mga salita ng Diyos, at hindi lang ang iba't ibang tiwaling kalagayan ng tao ang naunawaan niya, kundi pati na ang diwa, likas na pagkatao, at ang iba't ibang pagkukulang ng tao. Ito ang kahulugan ng tunay na maunawaan ang sarili. Mula sa mga salita ng Diyos, hindi lamang niya natamo ang tunay na pagkaunawa ukol sa sarili niya, kundi mula sa mga bagay na ipinapahayag sa mga pagbigkas ng Diyos—ang matuwid na disposisyon ng Diyos, kung ano ang mayroon at kung ano Siya, ang kalooban ng Diyos para sa Kanyang gawain, ang Kanyang mga hinihingi sa sangkatauhan—mula sa mga salitang ito nakarating siya sa lubos na pagkakilala sa Diyos. Nakarating siya sa pagkakilala sa disposisyon ng Diyos, at sa Kanyang diwa; nakilala at naunawaan niya kung ano ang mayroon at kung ano ang Diyos, sa pagiging kaibig-ibig ng Diyos at mga hinihingi ng Diyos para sa tao. Bagama't ang Diyos ay hindi gaanong nagsalita noong panahong iyon kagaya ng Kanyang ginagawa sa kasalukuyan, nagkaroon ng bunga kay Pedro sa mga aspetong ito. Ito ay isang bihira at napakahalagang bagay. Dumaan si Pedro sa daan-daang pagsubok, subalit hindi nagdusa nang walang-saysay. Hindi lamang niya naunawaan ang kanyang sarili mula sa mga salita at sa gawa ng Diyos, kundi nakilala rin niya ang Diyos. Dagdag pa riyan, sa mga pagbigkas ng Diyos, nagtuon siya lalo na sa mga hinihingi ng Diyos sa sangkatauhan sa loob ng Kanyang mga salita. Sa alinmang mga aspeto dapat bigyang-kasiyahan ng tao ang Diyos upang makaayon sa kalooban ng Diyos, nagawang magsikap nang husto ni Pedro sa mga aspetong ito at nakamtan ang buong kalinawan; lubhang kapaki-pakinabang patungkol sa sarili niyang pagpasok. Anuman ang pinatungkulan ng Diyos, basta't ang mga salitang iyon ay maaaring maging buhay at ang katotohanan, nakaya ni Pedro na iukit ang mga ito sa kanyang puso upang madalas na pagbulayan at pahalagahan ang mga ito.

Matapos mapakinggan ang mga salita ni Jesus nakaya niyang isapuso ang mga ito, na nagpapakita na siya ay espesyal na nakatuon sa mga salita ng Diyos, at tunay na nakamtan niya ang mga resulta sa huli. Ibig sabihin, nakaya niyang malayang isagawa ang mga salita ng Diyos, tumpak na isagawa ang katotohanan at mapahanay sa kalooban ng Diyos, kumilos nang lubusang naaayon sa intensiyon ng Diyos, at isuko ang kanyang sariling personal na mga opinyon at imahinasyon. Sa ganitong paraan, pumasok si Pedro sa realidad ng mga salita ng Diyos. Ang serbisyo ni Pedro ay kahanay sa kalooban ng Diyos, una sa lahat, dahil ginawa niya na ito.

Kung ang isang tao ay kayang bigyang-kasiyahan ang Diyos habang tinutupad ang kanyang tungkulin, may prinsipyo sa mga salita at kilos niya, at kayang pumasok sa katotohanang realidad ng lahat ng aspeto ng katotohanan, siya ay isang taong gagawing perpekto ng Diyos. Masasabi na ang gawain at mga salita ng Diyos ay lubos na naging mabisa para sa gayong mga tao, na ang mga salita ng Diyos ay naging mga buhay nila, na nakamit na nila ang katotohanan, at na nagagawa nilang mabuhay alinsunod sa mga salita ng Diyos. Pagkatapos nito, ang kalikasan ng kanilang laman—iyon ay, ang pinakasaligan ng kanilang orihinal na pag-iral—ay mayayanig at mabubuwal. Pagkatapos taglayin ng mga tao ang mga salita ng Diyos bilang kanilang buhay, magiging mga bagong tao sila. Kung ang mga salita ng Diyos ay maging buhay nila, kung ang pangitain ng gawain ng Diyos, ang Kanyang mga kinakailangan mula sa sangkatauhan, ang Kanyang mga pahayag sa tao, at ang mga pamantayan para sa isang tunay na buhay na hinihingi ng Diyos na magawa nila ay maging buhay nila, kung nabubuhay sila alinsunod sa mga salita at katotohanang ito, sila ay pineperpekto sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos. Muling isinisilang ang gayong mga tao, at naging mga bagong tao na sila sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos. Ito ang landas kung paano naghabol si Pedro sa katotohanan; ito ay ang landas ng pagiging ginagawang perpekto, ginagawang perpekto sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos, at nagkakamit ng buhay mula sa mga salita ng Diyos. Ang katotohanan na

ipinahayag ng Diyos ay naging kanyang buhay, at sa gayon lamang siya naging isang tao na nakamit ang katotohanan.

Hinango mula sa “Paano Lakaran Ang Landas ni Pedro” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sa kanyang paniniwala sa Diyos, hinangad ni Pedro na bigyang-kasiyahan ang Diyos sa lahat ng bagay, at hinangad na sundin ang lahat ng nagmula sa Diyos. Wala ni katiting na reklamo, nagawa niyang tanggapin ang pagkastigo at paghatol, gayundin ang pagpipino, kapighatian at kakulangan sa kanyang buhay, at walang isa man dito na maaaring magpabago sa kanyang pagmamahal sa Diyos. Hindi ba ito ang sukdulang pagmamahal sa Diyos? Hindi ba ito ang katuparan ng tungkulin ng isang nilalang ng Diyos? Sa pagkastigo man, paghatol, o kapighatian, lagi kang may kakayahang maging masunurin hanggang kamatayan, at ito ang dapat makamit ng isang nilalang ng Diyos, ito ang kadalisayan ng pagmamahal sa Diyos. Kung makakamtan ng tao ang ganito, siya ay isang angkop na nilalang ng Diyos, at wala nang ibang mas nagbibigay-kasiyahan sa naisin ng Lumikha. Ipagpalagay nang nakakagawa ka para sa Diyos, subalit hindi ka sumusunod sa Diyos, at hindi mo kayang tunay na mahalin ang Diyos. Sa ganitong paraan, hindi mo lamang hindi natupad ang tungkulin ng isang nilalang ng Diyos, kundi ikukondena ka rin ng Diyos, dahil ikaw ay isang taong hindi nagtataglay ng katotohanan, na walang kakayahang sumunod sa Diyos, at suwail sa Diyos. Pinahahalagahan mo lamang ang paggawa para sa Diyos, at hindi mo pinahahalagahan ang pagsasagawa ng katotohanan o pagkilala sa iyong sarili. Hindi mo nauunawaan o nakikilala ang Lumikha, at hindi mo sinusunod o minamahal ang Lumikha. Ikaw ay isang taong likas na suwail sa Diyos, kaya nga ang gayong mga tao ay hindi minamahal ng Lumikha.

Hinango mula sa “Ang Tagumpay o Kabiguan ay Depende sa Landas na Tinatahak ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Lahat ng hinangad ni Pedro ay kaayon ng puso ng Diyos. Hinangad niyang isakatuparan ang naisin ng Diyos, at kahit nagdusa at nahirapan,

naging handa pa rin siyang tuparin ang naisin ng Diyos. Wala nang hihigit pang paghahangad ng isang mananampalataya ng Diyos. Ang hinangad ni Pablo ay may bahid ng kanyang sariling laman, ng kanyang sariling mga palagay, at ng kanyang sariling mga plano at pakana. Hindi siya karapat-dapat na nilalang ng Diyos sa anumang paraan, hindi siya isang taong naghangad na tuparin ang naisin ng Diyos. Hinangad ni Pedro na magpasakop sa mga pagsasaayos ng Diyos, at bagama't ang gawaing kanyang ginawa ay hindi malaki, ang pangganyak sa likod ng kanyang pagsisikap at ang landas na kanyang tinahak ay tama; bagama't hindi siya nakakuha ng maraming tao, nagawa niyang sundan ang daan ng katotohanan. Dahil dito masasabi na siya ay isang karapat-dapat na nilalang ng Diyos. Ngayon, kahit hindi ka isang manggagawa, dapat mong magawang gampanan ang tungkulin ng isang nilalang ng Diyos, at hangaring magpasakop sa lahat ng pagsasaayos ng Diyos. Dapat mong masunod ang anumang sinasabi ng Diyos, at maranasan ang lahat ng klase ng mga kapighatian at pagpipino, at bagama't ikaw ay mahina, sa puso mo ay dapat mo pa ring magawang mahalin ang Diyos. Yaong mga nananagot para sa sarili nilang buhay ay handang gampanan ang tungkulin ng isang nilalang ng Diyos, at ang pananaw ng gayong mga tao tungkol sa paghahangad ang siyang tama. Sila ang mga taong kailangan ng Diyos. Kung marami kang ginawang gawain, at nakamit ng iba ang iyong mga turo, ngunit ikaw mismo ay hindi nagbago, at hindi nagbahagi ng anumang patotoo, o nagkaroon ng anumang tunay na karanasan, sa gayo'y sa katapusan ng iyong buhay, wala pa rin sa iyong mga nagawa ang nagpapatotoo, nagbago ka na nga ba? Isa ka bang taong naghahangad na matamo ang katotohanan? Sa pahanong iyon, kinasangkapan ka ng Banal na Espiritu, ngunit nang kasangkapanin ka Niya, ginamit Niya ang bahagi mo na maaaring gamitin para gumawa, at hindi Niya ginamit ang bahagi mo na hindi magagamit. Kung hinangad mong magbago, unti-unti kang magagawang perpekto habang kinakasangkapan ka. Subalit walang tinatanggap na responsibilidad ang Banal na Espiritu kung makakamit ka o hindi sa huli, at depende ito sa pamamaraan ng iyong paghahangad. Kung

walang mga pagbabago sa iyong personal na disposisyon, iyan ay dahil mali ang iyong pananaw tungo sa paghahangad. Kung hindi ka gantimpalaan, sarili mo nang problema iyon, at dahil hindi mo mismo naisagawa ang katotohanan at hindi mo matupad ang naisin ng Diyos. Kaya nga, wala nang mas mahalaga pa kaysa sa personal mong mga karanasan, at walang mas mahalaga kaysa sa personal mong pagpasok! Sa huli ay sasabihin ng ilang tao, “Napakarami kong nagawang gawain para sa Iyo, at bagama’t maaaring wala akong nagawang naging tanyag, naging masigasig pa rin ako sa aking mga pagsisikap. Hindi Mo ba ako maaaring papasukin na lamang sa langit para kainin ang bunga ng buhay?” Kailangan mong malaman kung anong uri ng mga tao ang Aking nais; yaong mga hindi dalisay ay hindi pinapayagang makapasok sa kaharian, yaong mga hindi dalisay ay hindi pinahihintulutang dungisan ang banal na lupain. Bagama’t maaaring marami kang nagawang gawain, at gumawa ka sa loob ng maraming taon, sa huli kung kalunus-lunos pa rin ang iyong karumihan, hindi katanggap-tanggap sa batas ng Langit na nais mong pumasok sa Aking kaharian! Mula sa pundasyon ng mundo hanggang ngayon, hindi Ako kailanman nakapag-alok ng madaling daan patungo sa Aking kaharian para sa mga humihingi ng pabor sa Akin. Ito ay isang panuntunan sa langit, at walang sinumang makasusuway rito! Kailangan mong hangarin ang buhay. Ngayon, yaong mga gagawing perpekto ay kauri ni Pedro: Sila yaong mga naghahangad ng mga pagbabago sa kanilang sariling disposisyon, at handang magpatotoo sa Diyos at gampanan ang kanilang tungkulin bilang nilalang ng Diyos. Ang ganitong mga tao lamang ang gagawing perpekto. Kung umaasa ka lang sa mga gantimpala, at hindi mo hinahangad na baguhin ang iyong sariling disposisyon sa buhay, lahat ng iyong pagsisikap ay mawawalan ng saysay—at ito ay isang katotohanang hindi mababago!

Hinango mula sa “Ang Tagumpay o Kabiguan ay Depende sa Landas na Tinatahak ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang paghahabol sa katotohanan ay kapwa praktikal na suliranin at

praktikal na aral. Hindi natin makakamtan ang pag-unawa sa katotohanan o maisasagawa ang katotohanan sa pamamagitan ng pag-asa sa ating imahinasyon, saloobin, kuru-kuro, o pira-pirasong kaalaman; hindi iyon ganoon kadali. Ang kailangan ay ang talagang pagbayaran natin ang mga ginawa natin at, sa pang-araw-araw nating pamumuuhay, ay talagang sikaping danasin, hanapin, pagmuni-munihan, ibahagi, at pagtrabahuhan ito; pagkatapos lamang nito, unti-unti, makapapasok tayo at makakukuha ng bagay na patungkol sa mga salita ng Diyos at ang katotohanan. Kapag dumating ang araw na nauunawaan mo na kung ano ang katotohanan at kung ano ang diwa nito, kapag nababatid mong ang mga salitang winika ng Diyos na nagkatawang-tao ay ang mga prinsipyo na dapat talagang isagawa sa lahat ng hinaharap natin at ang mga ito ang layunin at direksyon ng ating buhay, kung gayon, sa oras na iyon, makikita mo kung gaano talaga kamakahulugan ang lahat ng ginagawa ng Diyos, at kung gaano importante at kahalaga ang Diyos na nagkatawang-tao sa atin! Ang layunin sa likod ng lahat ng sinasabi ng Diyos, bawat hakbang ng gawain na Kanyang ginagawa, bawat pagsasalita Niya, bawat kilos, at bawat galaw, at lahat ng Kanyang mga ideya, pananaw, at saloobin ay maghatid ng kaligtasan sa tao; ito ay upang hayaang maligtas ang mga tao. Walang isa sa kanila ang hungkag; bawat isa sa kanila ay totoo at tunay. Sa gayon, nagmula man sa Panahon ng Biyaya o mula sa mga hindi naniniwala ang mga tao, dapat tumigil silang lahat sa pangangarap; dapat silang tumigil sa paniniwala sa Diyos sa pamamagitan ng lente ng kanilang mga haka-haka at itigil ang pamumuhay sa mga walang laman na saloobin ng kanilang sariling ideyalismo. Sa totoo at tunay na gawain ng Diyos ay kailangan na talagang maranasan natin ito at magbayad ng halaga; doon lamang magiging buhay na makakamtan natin ang katotohanang natamo natin sa pamamagitan ng karanasan. Kapag nararanasan ang gawain ng Diyos, ang dapat nating makamit, higit sa lahat, ay ang katotohanan. Kapag nakamit mo na ang katotohanan, magkakaroon ng lugar sa iyong puso ang Diyos – na siyang nais Niya talagang makamit. Sa sandaling maunawaan mo ang katotohanan at magkaroon ng kamalayan kung ano ito,

pagkatapos nitong mag-ugat sa puso mo, at kapag naranasan mo na talaga ang katotohanan, sa kaloob-looban mo kung gayon, tunay na magiging buhay mo ang mga salita ng Diyos. Totoo ba ang prosesong ito? Totoo nga. Kaya, ano ang kinakailangan nating gawin sa prosesong ito? Una sa lahat, kailangan nating danasin at pasukin ang realidad ng mga salita ng Diyos. Dapat tayong maging malay sa kung ano ang nais Niyang gawin sa atin at ang mga resulta na nais Niyang makamit. May dalawang pangunahing mga bunga na nais makamit ang Diyos sa atin: Una, ang mapakilala sa atin ang ating sarili; at pangalawa, ang mapakilala sa atin ang Diyos.

Hinango mula sa “Ang Kahalagahan ng Paghahabol sa Katotohanan at ang Landas ng Paghahabol Dito” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang Diyos ay hindi dapat paniwalaan ng tao, kundi ibigin niya, habulin at sambahin niya. Kung hindi ka naghahabol ngayon, kung gayon ay darating ang araw kung kailan sasabihin mo, “Bakit hindi ko sinunod ang Diyos nang wasto noon, hindi Siya binigyang-kasiyahan nang wasto, hindi itinaguyod ang mga pagbabago sa aking disposisyon sa buhay? Gaano ang aking pagsisisi sa hindi ko pagpapasakop sa Diyos noon, at sa hindi ko paghahabol na makamit ang kaalaman ng salita ng Diyos. Napakarami ang sinabi ng Diyos noon; bakit hindi ako naghabol? Ako ay napakatanga!” Kapopootan mo ang iyong sarili sa isang tiyak na punto. Ngayon, hindi mo pinaniniwalaan ang mga salitang Aking sinasabi, at hindi mo binibigyang-pansin ang mga iyon; kapag dumating na ang araw para ang gawaing ito ay lumaganap, at nakita mo ang kabuuan nito, magsisisi ka, at sa sandaling yaon ikaw ay matitigilan. Mayroong mga pagpapala, gayunman ay hindi mo alam kung paano magtamasa sa mga yaon, at naroon ang katotohanan, gayunman ay hindi mo ito hinahabol. Hindi ka ba nagdadala ng sumpa sa iyong sarili? Ngayon, bagaman magsisimula pa lamang ang susunod na hakbang sa gawain ng Diyos, walang anumang katangi-tangi tungkol sa mga hinihingi sa iyo at sa kung ano ang ipinasasabuhay sa iyo. Napakalaki ang gawain, at napakarami ang katotohanan; ang mga yaon ba

ay hindi karapat-dapat na malaman mo? Hindi ba kayang gisingin ng pagkastigo at paghatol ng Diyos ang iyong espiritu? Hindi ba kaya ng pagkastigo at paghatol ng Diyos na tulutan kang kamuhian ang iyong sarili? Sapat na ba sa iyo na mamuhay sa ilalim ng impluwensya ni Satanas, may kapayapaan at kagalakan, at kaunting makalamang kaginhawahan? Hindi ba't ikaw ang pinakamababa sa lahat ng tao? Wala nang hihigit pa ang kamangmangan kaysa mga yaong nakakita sa kaligtasan ngunit hindi hinangad na makamit ito; sila ay mga taong nagpapakabusog sa laman at nasisiyahan kay Satanas. Umaasa ka na ang iyong pananampalataya sa Diyos ay hindi magsasanhi ng anumang mga hamon o mga kapighatian, o ng kahit katiting na paghihirap. Lagi mong hinahabol ang mga bagay na walang-halaga, at hindi mo pinahahalagahan ang buhay, sa halip ay inuuna mo ang iyong sariling matataas na kaisipan bago ang katotohanan. Ikaw nga ay walang-halaga! Nabubuhay ka na parang isang baboy—ano nga ba ang pagkakaiba sa pagitan mo, at ng mga baboy at mga aso? Hindi ba't lahat niyaong hindi naghahabol sa katotohanan, at sa halip ay iniibig ang laman, ay mga hayop? Ang mga patay ba na walang mga espiritu ay lumalakad na mga bangkay? Gaano na karaming salita ang nasambit sa gitna ninyo? Kaunting trabaho lamang ba ang nagawa sa gitna ninyo? Gaano na karami ang naipagkaloob Ko sa inyo? Kaya bakit hindi mo ito nakamit? Ano ang iyong maireklamo? Hindi ba't wala kang natamo dahil sa iyong labis na pag-ibig sa laman? At hindi ba't dahil ito sa iyong mga kaisipan na masyadong mataas? Hindi ba't dahil ito sa ikaw ay napakahangal? Kung hindi mo kayang matamo ang mga pagpapalang ito, masisisi mo ba ang Diyos sa hindi pagliligtas sa iyo?

Hinango mula sa "Ang mga Karanasan ni Pedro: Ang Kanyang Kaalaman sa Pagkastigo at Paghatol" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Dapat sikapin ng tao na isabuhay ang isang makabuluhang buhay, at hindi dapat masiyahan na lamang sa kanyang kasalukuyang mga kalagayan. Upang maisabuhay ang imahe ni Pedro, dapat niyang taglayin ang kaalaman at mga karanasan ni Pedro. Dapat pagsikapan ng tao ang

mga bagay na mas matatayog at mas malalalim. Dapat niyang pagsikapan ang isang mas malalim, mas dalisay na pag-ibig sa Diyos, at isang buhay na may kabuluhan at kahulugan. Ito lamang ang buhay, sa ganito lamang magiging katulad ng tao si Pedro. Dapat kang tumuon sa pagiging maagap tungo sa iyong pagpasok sa positibong panig, at huwag basta na lang hayaan ang iyong sarili sa dumausdos pabalik para sa pagkakaroon ng panandaliang ginhawa habang binabalewala ang mas malalim, mas tiyak, at mas praktikal na mga katotohanan. Ang iyong pag-ibig ay dapat maging praktikal, at dapat kang humanap ng mga paraan upang mapalaya ang iyong sarili mula sa masama at walang-inaalalang uri ng pamumuhay na walang pinagkaiba sa pamumuhay ng isang hayop. Dapat mong isabuhay ang isang buhay na may kahulugan, isang buhay na may kabuluhan at hindi mo dapat linlangin ang iyong sarili, o ituring ang iyong buhay na parang isang laruan na dapat paglaruan. Para sa bawat isa na naghahangad na ibigin ang Diyos, walang katotohanang hindi matatamo at walang katarungan na hindi nila mapaninindigan. Paano ka ba dapat mamuhay? Paano mo ba dapat ibigin ang Diyos, at gamitin ang pag-ibig na ito para bigyang-kasiyahan ang Kanyang kagustuhan? Walang bagay na hihigit pa sa iyong buhay. Higit sa lahat, ikaw ay dapat magkaroon ng ganitong mga hangarin at pagtitiyaga, at hindi dapat maging tulad ng mga walang gulugod, mga mahihinang nilalang. Dapat mong matutunan kung paano maranasan ang isang makahulugang buhay, at maranasan ang makahulugang mga katotohanan, at hindi dapat ituring ang iyong sarili na walang sigla sa ganitong paraan. Ang iyong buhay ay lilipas nang hindi mo namamalayan. At pagkatapos, magkakaroon ka pa ba ng isa pang pagkakataon para ibigin ang Diyos? Maaari bang ibigin ng tao ang Diyos pagkatapos niyang bawian ng buhay? Dapat kang magkaroon ng mga hangarin at ng konsensya na katulad ng kay Pedro. Ang buhay mo ay dapat na maging makahulugan, at hindi mo dapat pinaglalaruan ang iyong sarili. Bilang isang tao, at bilang isang tao na naghahangad sa Diyos, dapat mong magawang maingat na isaalang-alang kung paano mo itinuturing ang iyong buhay, kung paano mo dapat ihandog ang iyong sarili sa Diyos, kung

paano ka magkakaroon ng isang mas makabuluhang pananampalataya sa Diyos, at paano, dahil sa iniibig mo ang Diyos, mo Siya dapat ibigin sa paraang mas dalisay, mas mainam, at mas mabuti. Sa ngayon, hindi ka maaaring masiyahan lamang sa kung paano ka nalupig, kundi dapat mo ring isaalang-alang ang daan na iyong tatahakin sa hinaharap. Dapat kang magkaroon ng mga hangarin at ng lakas ng loob upang ikaw ay magawang perpekto, at hindi mo dapat laging isipin na hindi kaya ng iyong sarili. May pinapanigan ba ang katotohanan? Kaya bang sadyain ng katotohanan ang pagsalungat sa mga tao? Kung hahangarin mo ang katotohanan, kaya ka ba nitong madaig? Kung maninindigan ka para sa katarungan, pababagsakin ka ba nito? Kung tunay ngang ang hangarin mo ay pagsikapang matamo ang buhay, kaya ka bang iwasan ng buhay? Kung wala sa iyo ang katotohanan, hindi ito dahil sa hindi ka pinapansin ng katotohanan, kundi dahil sa lumalayo ka mula sa katotohanan. Kung hindi mo kayang manindigan nang matatag para sa katarungan, hindi ito dahil sa may kamalian ang katarungan, kundi dahil sa naniniwala kang nalilihis ito sa mga katunayan. Kung hindi mo natamo ang buhay matapos mong pagsumikapang hanapin ito sa loob ng maraming taon, ito ay hindi dahil sa ang buhay ay walang konsensya ukol sa iyo, kundi dahil sa wala kang konsensya ukol sa buhay, at naitaboy mo ang buhay. Kung namumuhay ka sa liwanag, at hindi mo nakayang makamit ang liwanag, ito ay hindi dahil sa hindi nagagawa ng liwanag na liwanagan ka, kundi dahil sa hindi mo nabigyang-pansin ang pag-iral ng liwanag, kung kaya’t tahimik kang nilisan ng liwanag. Kung hindi ka naghahangad, masasabi na lamang na ikaw ay walang-halagang basura, at walang lakas ng loob sa iyong pamumuhay, at hindi mo taglay ang espiritu para labanan ang mga puwersa ng kadiliman. Masyado kang mahina! Hindi mo kayang tumakas mula sa mga puwersa ni Satanas na umaatake sa iyo, at ang nais mo lamang ay magpatuloy sa ganitong uri ng ligtas at panatag na buhay at mamatay sa kamangmangan. Ang dapat mong makamit ay ang iyong pagsisikap na malupig. Ito ang iyong nakatakdang tungkulin. Kung sapat na para sa iyo ang malupig, itinataboy mo ang pag-iral ng liwanag. Dapat kang magdusa ng kahirapan

alang-alang sa katotohanan, dapat mong ibigay ang iyong sarili sa katotohanan, dapat kang magtiis ng kahihiyan para sa katotohanan, at upang higit pang makamit ang katotohanan, dapat kang sumailalim sa higit pang pagdurusa. Ito ang dapat mong gawin. Hindi mo dapat itapon ang katotohanan alang-alang sa isang mapayapang buhay pamilya, at hindi mo dapat iwala ang dangal at katapatan ng iyong buhay para sa pansamantalang kasiyahan. Dapat mong hangarin ang lahat ng mainam at mabuti, at dapat mong hangarin ang isang landas sa buhay na higit na makahulugan. Kung ang pinangungunahan mo ay isang mahalay na buhay, at walang hinahangad na anumang mga layunin, hindi ba't sinasayang mo ang iyong buhay? Ano ba ang iyong makakamtan mula sa ganitong pamumuhay? Dapat mong talikuran ang lahat ng kasiyahan ng laman alang-alang sa nag-iisang katotohanan, at hindi mo dapat sayangin ang lahat ng katotohanan alang-alang sa isang munting kasiyahan. Ang mga ganitong tao ay walang katapatan o dangal. Walang kabuluhan ang kanilang pag-iral!

Hinango mula sa "Ang mga Karanasan ni Pedro: Ang Kanyang Kaalaman sa Pagkastigo at Paghatol" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

23. Ang mga Prinsipyo ng Paghahangad na Maintindihan ang Kalooban ng Diyos

(1) Dapat gamitin ng isang tao ang mga salita ng Diyos upang hanapin ang katotohanan sa Kanyang mga hinihingi mula sa tao. Humanap ng matatag na kalagayan, at huwag hayaan kailanman ang mga kuro-kuro o imahinasyon ang gumabay sa iyo.

(2) Kapag may mga kuro-kuro at maling-pagkaunawa ang isang tao sa Diyos, dapat nilang hanapin ang katotohanan upang ayusin ang mga ito, at huwag maging mapagmataas at mapagmagaling. Walang katotohanan ang tao, kundi katiwalian lamang;

(3) Hangaring maunawaan ang katotohanan sa mga bagay na nauukol sa katotohanang prinsipyo at sa pagtupad ng tungkulin, at ituwid ang mga kuro-kuro at imahinasyong pantao. Saka lamang maaaring maintindihan

nang tumpak ng isang tao ang kalooban ng Diyos;

(4) Sa gitna ng mga pagsubok at pagdadalisay, dapat manalangin ng isang tao sa Diyos at hangaring maunawaan ang kalooban at mga hinihingi ng Diyos. Isagawa ang katotohanan, magpasakop sa Diyos, at manindigan sa iyong patotoo.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ngayo'y hinahatulan kayo ng Diyos, kinakastigo kayo, at pinarurusahan kayo, ngunit kailangan mong malaman na ang punto ng pagpaparusa sa iyo ay upang makilala mo ang iyong sarili. Siya ay nagpaparusa, humahatol, at kumakastigo para makilala mo ang iyong sarili, para magbago ang iyong disposisyon, at, bukod pa rito, para malaman mo ang iyong halaga, at makita na lahat ng kilos ng Diyos ay matuwid at alinsunod sa Kanyang disposisyon at mga kinakailangan sa Kanyang gawain, na Siya ay gumagawa alinsunod sa Kanyang plano para sa kaligtasan ng tao, at na Siya ang matuwid na Diyos na nagmamahal, nagliligtas, humahatol, at kumakastigo sa tao. Kung alam mo lamang na mababa ang iyong katayuan, na ikaw ay tiwali at masuwayin, ngunit hindi mo alam na ninanais ng Diyos na gawing malinaw ang Kanyang pagliligtas sa pamamagitan ng paghatol at pagkastigo na Kanyang ginagawa sa iyo ngayon, wala kang paraan para magtamo ng karanasan, lalong wala kang kakayahang patuloy na sumulong. Ang Diyos ay hindi naparito upang pumatay o manira, kundi upang humatol, sumumpa, kumastigo, at magligtas. Hanggang sa matapos ang Kanyang 6,000 taong plano ng pamamahala—bago Niya ihayag ang kalalabasan ng bawat kategorya ng tao—ang gawain ng Diyos sa lupa ay para sa pagliligtas, ang layunin nito ay para lamang gawing ganap—nang lubusan—yaong mga nagmamahal sa Kanya at mapasakop sila sa Kanyang kapamahalaan. Paano man inililigtas ng Diyos ang mga tao, ginagawang lahat iyon sa pamamagitan ng paghiwalay sa kanila sa dati nilang satanikong kalikasan; ibig sabihin, inililigtas Niya sila sa pamamagitan ng paghikayat sa kanila na hangarin ang buhay. Kung hindi nila gagawin iyon, walang paraan upang matanggap nila ang pagliligtas ng Diyos. Ang pagliligtas ay ang gawain ng Diyos

Mismo, at ang paghahangad sa buhay ay isang bagay na kailangang gawin ng tao upang tumanggap ng kaligtasan. Sa mga mata ng tao, ang kaligtasan ay ang pag-ibig ng Diyos, at ang pag-ibig ng Diyos ay hindi maaaring maging pagkastigo, paghatol, at mga pagsumpa; ang pagliligtas ay kailangang samahan ng pagmamahal, ng habag, at, bukod pa rito, ng mga salita ng kaginhawahan, gayundin ng walang-hanggang mga pagpapalang ipinagkaloob ng Diyos. Naniniwala ang mga tao na kapag inililigtas ng Diyos ang tao, ginagawa Niya iyon sa pamamagitan ng pag-antig sa kanila gamit ang Kanyang mga pagpapala at biyaya, para maibigay nila ang kanilang puso sa Diyos. Ibig sabihin, ang Kanyang pag-antig sa tao ay pagliligtas Niya sa kanila. Ang ganitong uri ng pagliligtas ay ginagawa sa pamamagitan ng pakikipagkasundo. Kapag pinagkalooban sila ng Diyos ng isandaang beses, saka pa lamang magpapasakop ang tao sa pangalan ng Diyos at magsisikap na gumawa ng mabuti para sa Kanya at maghatid sa Kanya ng kaluwalhatian. Hindi ito ang layon ng Diyos para sa sangkatauhan. Ang Diyos ay naparito para gumawa sa lupa upang iligtas ang tiwaling sangkatauhan; walang kasinungalingan dito. Kung mayroon, tiyak na hindi sana Siya naparito upang gawin ang Kanyang gawain nang personal. Dati-rati, ang Kanyang paraan ng pagliligtas ay may kasamang pagpapakita ng sukdulang pag-ibig at habag, kaya ibinigay Niya ang lahat Niya kay Satanas kapalit ng buong sangkatauhan. Ang kasalukuyan ay hindi kagaya ng nakaraan: Ang kaligtasang ipinagkaloob sa inyo ngayon ay nangyayari sa panahon ng mga huling araw, kung kailan ibinubukod ang bawat isa ayon sa uri; ang paraan ng inyong kaligtasan ay hindi pag-ibig o habag, kundi pagkastigo at paghatol, upang ang tao ay maaaring mas lubusang maligtas. Sa gayon, ang natatanggap lamang ninyo ay pagkastigo, paghatol, at walang-awang paghampas, ngunit dapat ninyong malaman ito: Sa walang-pusong paghampas na ito wala ni kakatiting na kaparusahan. Gaano man kabagsik ang Aking mga salita, ang sumasapit sa inyo ay iilang salita lamang na maaaring magmukhang lubos na walang puso sa inyo, at gaano man katindi ang Aking galit, ang dumarating sa inyo ay mga salita pa rin ng pagtuturo, at hindi Ko layon na

saktan kayo o patayin kayo. Hindi ba totoo ang lahat ng ito? Dapat ninyong malaman na sa panahong ito, matuwid na paghatol man o walang-pusong pagpipino at pagkastigo, lahat ay para sa kapakanan ng kaligtasan. Ibinubukod man ngayon ang bawat isa ayon sa uri o inilalantad ang mga kategorya ng tao, ang layunin ng lahat ng salita at gawain ng Diyos ay upang iligtas yaong mga tunay na nagmamahal sa Diyos. Ang matuwid na paghatol ay pinasasapit upang dalisayin ang tao, at ang walang-pusong pagpipino ay ginagawa upang linisin sila; ang masasakit na salita o pagkastigo ay kapwa ginagawa upang magpadalisay at alang-alang sa kaligtasan.

Hinango mula sa “Dapat Mong Isantabi ang mga Pagpapala ng Katayuan at Unawain ang Kalooban ng Diyos na Maghatid ng Kaligtasan sa Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kalakip ba ng sariling mga kalagayan ang inyong pagkaunawa sa katotohanan? Sa totoong buhay, dapat mo munang isipin kung aling mga katotohanan ang nauugnay sa mga tao, mga kaganapan, at mga bagay na iyong nakaharap na; matatagpuan mo sa mga katotohanang ito ang kalooban ng Diyos at maiuugnay kung ano ang iyong nakaharap na sa Kanyang kalooban. Kung hindi mo nalalaman kung aling mga aspeto ng katotohanan ang nauugnay sa mga bagay na iyong nakaharap na subali’t sa halip ay dumiretso sa paghahanap sa kalooban ng Diyos, isang bulag na pamamaraan ito na hindi makapagkakamit ng mga resulta. Kung nais mong hanapin ang katotohanan at maunawaan ang kalooban ng Diyos, kailangan mo munang tingnan kung anong uri ng mga bagay ang nangyari na sa iyo, sa aling mga aspeto ng katotohanan nauugnay ang mga ito, at hanapin ang partikular na katotohanan sa salita ng Diyos na nauugnay sa kung anong naranasan mo na. At pagkatapos ay hanapin mo ang landas ng pagsasagawa na naaayon para sa iyo sa katotohanang iyon; sa ganitong paraan ay makakamit mo ang isang di-tuwirang pagkaunawa sa kalooban ng Diyos. Ang paghahanap at pagsasagawa sa katotohanan ay hindi pagsasabuhay ng isang doktrina nang wala sa loob o pagsunod sa

isang pormula. Ang katotohanan ay hindi gaya ng isang pormula, hindi rin ito isang batas. Hindi ito patay—ito ay buhay mismo, ito ay isang buhay na bagay, at ito ang patakaran na dapat sundin ng isang nilikha habang nabubuhay at ang patakaran na dapat taglayin ng isang tao habang nabubuhay. Isang bagay ito na dapat mong, hangga't maari, ay maunawaan sa pamamagitan ng karanasan. Ano mang yugto ang narating mo na sa iyong karanasan, hindi ka maihihiwalay sa salita ng Diyos o sa katotohanan, at kung ano ang iyong pagkaunawa sa disposisyon ng Diyos at kung ano ang iyong nalalaman sa kung anong mayroon at kung ano ang Diyos ay ipinahahayag lahat sa mga salita ng Diyos; nauugnay ang mga ito nang hindi maihihiwalay sa katotohanan. Ang disposisyon ng Diyos at kung anong mayroon at kung ano Siya ay, mismong, ang katotohanan; ang katotohanan ay isang tunay na pagpapakita ng disposisyon ng Diyos at ng kung anong mayroon at kung ano Siya. Ginagawa nitong kongkreto ang kung anong mayroon at kung ano Siya, at malinaw nitong ipinahahayag ang kung anong mayroon at kung ano Siya; sinasabi nito sa iyo nang mas tuwiran kung ano ang gusto ng Diyos, kung ano ang hindi Niya gusto, kung ano ang nais Niyang gawin mo at kung ano ang hindi Niya pinahihintulutang gawin mo, kung anong mga tao ang kinamumuhian Niya at kung anong mga tao ang kinagigiliwan Niya. Sa likod ng mga katotohanang ipinahahayag ng Diyos, makikita ng tao ang Kanyang kaluguran, galit, kalungkutan, at kasiyahan, gayundin ang Kanyang diwa—ito ang paghahayag ng Kanyang disposisyon. Maliban sa pagkaalam sa kung anong mayroon at kung ano ang Diyos, at pagkaunawa sa Kanyang disposisyon mula sa Kanyang salita, ang pinakamahalaga ay ang pangangailangan na marating ang pagkaunawang ito sa pamamagitan ng praktikal na karanasan. Kung inaalis ng isang tao ang kanyang sarili mula sa tunay na buhay upang makilala ang Diyos, hindi nila magagawang makamtan iyon. Kahit na may mga tao na makapagkakamit ng kaunting pagkaunawa mula sa salita ng Diyos, limitado ang kanilang pagkaunawa sa mga teorya at mga salita, at doon nagbubuhat ang pagkakaiba-iba sa kung ano talaga ang Diyos Mismo.

Hinango mula sa “Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo III” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Anumang tungkulin ang iyong tinutupad, dapat mong palaging hangaring arukin ang kalooban ng Diyos at unawain kung ano ang Kanyang mga ipinagagawa sa iyong tungkulin; saka mo lamang maisasagawa ang mga bagay-bagay sa isang maprinsipyong paraan. Sa pagganap sa iyong tungkulin, hindi ka talaga maaaring sumunod sa iyong personal na mga kagustuhan, sa paggawa lamang ng anumang gusto mong gawin, anumang magpapasaya sa iyo at komportable kang gawin, o anumang makakaganda sa iyo. Kapag puwersahan mong iginiit ang iyong mga kagustuhan sa Diyos o isinasagawa ang iyong mga kagustuhan na parang ang mga ito ang katotohanan, sinusunod ang mga ito na parang mga katotohanang prinsipyo, kung gayon hindi iyan pagtupad sa iyong tungkulin at ang pagganap sa iyong tungkulin sa ganitong paraan ay hindi maaalala ng Diyos. Hindi nauunawaan ng ibang tao ang katotohanan, at hindi nila alam kung ano ang ibig sabihin ng tuparin nang maayos ang kanilang mga tungkulin. Sa tingin nila dahil ibinigay na nila ang kanilang buong puso at buong pagsisikap para rito, tinalikdan ang kanilang laman at nagdusa, dapat ay abot na sa pamantayan ang pagtupad nila ng kanilang mga tungkulin—ngunit bakit, kung gayon, palaging hindi nasisiyahan ang Diyos? Saan nagkamali ang mga taong ito? Ang pagkakamali nila ay na hindi nila hinahanap ang mga hinihingi ng Diyos, at sa halip ay kumikilos sila ayon sa mga sarili nilang ideya; itinuring nilang katotohanan ang mga sarili nilang hangarin, kagustuhan, at mga makasariling motibo, at itinuring nila ang mga ito na para bang ang mga ito ang gustung-gusto ng Diyos, na para bang ang mga ito ang Kanyang mga pamantayan at hinihingi. Itinuring nilang katotohanan ang pinaniwalaan nilang tama, mabuti, at maganda; mali ito. Ang totoo, kahit maaaring iniisip minsan ng mga tao na tama ang isang bagay at na umaayon ito sa katotohanan, hindi ito agad nangangahulugan na umaayon ito sa kalooban ng Diyos. Habang mas iniisip ng mga tao na tama ang isang bagay, lalo dapat silang maging

maingat at lalo nilang dapat hanapin ang katotohanan upang makita kung natutugunan ng iniisip nila ang mga hinihingi ng Diyos. Kung sumasalungat ito sa Kanyang mga hinihingi at sa Kanyang mga salita, mali ka na isiping tama ito, isa lamang itong kaisipan ng tao, at maaaring hindi umaayon sa katotohanan gaano mo man naiisip na tama ito. Ang pagtukoy mo ng tama at mali ay kailangang nakabatay sa mga salita ng Diyos lamang, at gaano mo man naiisip na tama ang isang bagay, kung hindi ito nakabatay sa mga salita ng Diyos, kailangan mo itong iwaksi. Ano ang tungkulin? Ito ay isang tagubiling ipinagkatiwala ng Diyos sa mga tao. Kaya paano mo dapat tuparin ang iyong tungkulin? Sa pagkilos alinsunod sa mga hinihiling at pamantayan ng Diyos, at sa pagbatay ng iyong pag-uugali sa mga katotohanang prinsipyo sa halip na sa mga pansariling hangarin ng tao. Sa ganitong paraan, aayon sa pamantayan ang pagtupad mo sa iyong mga tungkulin.

Hinango mula sa “Tanging sa Paghahanap ng Mga Prinsipyo ng Katotohanan Nagagampanan nang Maigi ng Isa ang Kanyang Tungkulin” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang Diyos at ang tao ay hindi maaaring banggitin nang magkapantay. Ang Kanyang diwa at Kanyang gawain ay pinakamahirap na maaarok at maintindihan ng tao. Kung hindi personal na ginagawa ng Diyos ang Kanyang gawain at sinasambit ang Kanyang mga salita sa mundo ng tao, hindi mauunawaan ng tao ang kalooban ng Diyos kailanman. Kaya nga, kahit yaong mga naglaan na ng kanilang buong buhay sa Diyos ay hindi matatanggap ang Kanyang pagsang-ayon. Kung hindi sinimulan ng Diyos ang Kanyang gawain, gaano man kahusay gumawa ang tao, mababalewala iyon, dahil ang mga iniisip ng Diyos ay laging magiging mas mataas kaysa mga iniisip ng tao, at ang karunungan ng Diyos ay hindi kayang maintindihan ng tao. Kaya nga sinasabi Ko na yaong mga nagsasabing “lubos na nauunawaan” nila ang Diyos at ang Kanyang gawain ay walang kakayahan; lahat sila ay hambog at mangmang. Hindi dapat bigyang-kahulugan ng tao ang gawain ng Diyos; bukod pa riyan, hindi kayang ilarawan ng tao ang gawain ng Diyos. Sa mga mata ng Diyos,

ang tao ay hamak na tulad ng isang langgam; kaya paano maaarok ng tao ang gawain ng Diyos? Yaong mga gustong magsabi na, “Ang Diyos ay hindi gumagawa sa ganito o ganoong paraan,” o “Ang Diyos ay ganito o ganoon”—hindi ba sila mayabang magsalita? Dapat nating kilalaning lahat na ang tao, na may laman, ay nagawang tiwali ni Satanas. Ang pinakalikas na pagkatao ng sangkatauhan ay laban sa Diyos. Hindi maaaring pumantay ang sangkatauhan sa Diyos, lalong hindi kaya ng sangkatauhan na umasang magpayo sa gawain ng Diyos. Patungkol sa kung paano ginagabayan ng Diyos ang tao, ito ang gawain ng Diyos Mismo. Akma na dapat magpasakop ang tao, nang hindi nagpapahayag ng ganito o ganoong pananaw, sapagkat ang tao ay alabok lamang. Yamang ang ating layunin ay hanapin ang Diyos, hindi natin dapat pangibabawin ang ating mga palagay sa gawain ng Diyos para isaalang-alang ng Diyos, lalong hindi natin dapat gamitin nang husto ang ating tiwaling disposisyon para sadyang labanan ang gawain ng Diyos. Hindi ba tayo gagawin niyan na mga anticristo? Paano nagagawa ng gayong mga tao na maniwala sa Diyos? Yamang naniniwala tayo na mayroong Diyos, at yamang nais nating palugurin Siya at makita Siya, dapat nating hanapin ang daan ng katotohanan, at dapat tayong humanap ng daan upang makaayon ng Diyos. Hindi tayo dapat makipagmatigasan sa paglaban sa Kanya. Anong kabutihan ang posibleng mangyari sa gayong mga pagkilos?

Hinango mula sa Paunang Salita sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Anuman ang ginagawa mo, dapat mo munang unawain kung bakit mo iyon ginagawa, ano ang intensyong nagtutulak sa iyo na gawin iyon, ano ang kabuluhan ng paggawa mo nito, ano ang kalikasan ng bagay na ito, at kung positibo o negatibong bagay ba ang ginagawa mo. Kailangan mong magkaroon ng malinaw na pagkaunawa sa lahat ng bagay na ito; lubhang kinakailangan ito para makakilos nang may prinsipyo. Kung may ginagawa ka para tuparin ang tungkulin mo, dapat mong pagnilayan ito: Paano ko ito dapat gawin? Paano ko dapat tuparin nang maayos ang tungkulin ko para hindi ko lang iyon ginagawa nang basta-basta? Dapat kang lumapit sa

Diyos sa bagay na ito. Ang paglapit sa Diyos ay nangangahulugan ng paghahanap sa katotohanan sa bagay na ito, paghahanap ng paraan ng pagsasagawa, paghahangad sa kalooban ng Diyos, at pag-alam kung paano bigyang-kasiyahan ang Diyos. Ganito ang paglapit sa Diyos sa lahat ng ginagawa mo. Hindi kasali rito ang pagsasagawa ng seremonyang pangrelihiyon o pagpapakita na kumikilos ka. Ginagawa ito para makapagsagawa alinsunod sa katotohanan matapos hangarin ang kalooban ng Diyos. Kung lagi mong sinasabing “Salamat sa Diyos” kahit na wala ka pa namang nagagawa, subalit kapag may ginagawa ka, patuloy mo iyong ginagawa sa paraang gusto mo, ang uring ito ng pasasalamat ay isa lamang pagpapakita na kumikilos ka. Kapag tinutupad mo ang tungkulin mo o may ginagawa ka, dapat mong isipin palagi: Paano ko dapat tuparin ang tungkuling ito? Ano ang kalooban ng Diyos? Ito ay ang mapalapit ka sa Diyos sa pamamagitan ng ginagawa mo, at, sa paggawa nito, hanapin ang mga prinsipyo at katotohanan sa likod ng iyong mga pagkilos gayon din ang kalooban ng Diyos, at huwag lumayo sa Diyos sa anumang ginagawa mo. Gayong tao lamang ang tunay na nananalig sa Diyos. Sa mga panahong ito, tuwing may mga bagay-bagay na nadaraanan ang mga tao, anuman ang aktuwal na sitwasyon, iniisip nila na magagawa nila ang ganito at ganoon, kaya wala ang Diyos sa puso nila, at ginagawa nila ito ayon sa sarili nilang kagustuhan. Angkop man o hindi ang kanilang ginagawa, o alinsunod man ito sa katotohanan o hindi, nagmamatigas lamang silang nagpapatuloy, at kumikilos ayon sa kanilang mga pansariling intensyon. Maaaring karaniwan ay waring nasa puso nila ang Diyos, ngunit kapag ginagawa nila ang mga bagay-bagay, wala ang Diyos sa kanilang puso. Sinasabi ng ilang tao, “Hindi ako mapapalapit sa Diyos sa mga bagay na ginagawa ko. Noong araw, nakasanayan kong magsagawa ng mga relihiyosong seremonya, at sinubukan kong mapalapít sa Diyos, ngunit hindi iyon nagkaroon ng epekto. Hindi ako mapalapit sa Kanya.” Wala ang Diyos sa puso ng ganitong mga tao; sarili lamang niya ang nasa puso nila, at hindi nila talaga maisagawa ang katotohanan sa anumang ginagawa nila. Ang hindi pagkilos alinsunod sa katotohanan ay

nangangahulugan ng paggawa ng mga bagay-bagay ayon sa sarili nilang kalooban, at ang paggawa ng mga bagay-bagay ayon sa sarili nilang kalooban ay nangangahulugan ng pagtalikod sa Diyos; ibig sabihin, wala ang Diyos sa puso nila. Ang mga naiisip ng tao ay karaniwang maganda at matuwid sa tingin ng mga tao, at tila ang mga ito ay hindi gaanong lalabag sa katotohanan. Pakiramdam ng mga tao ang paggawa ng mga bagay-bagay sa ganoong paraan ay pagsasagawa ng katotohanan; sa palagay nila ang paggawa ng mga bagay-bagay sa paraang iyon ay magiging pagpapasakop sa Diyos. Sa totoo lang, hindi sila tunay na naghahanap sa Diyos o nananalangin sa Diyos tungkol dito, at hindi sila nagsusumikap na gawin ito nang mabuti alinsunod sa mga kinakailangan ng Diyos, upang bigyang-kasiyahan ang kalooban ng Diyos. Wala silang angking ganitong totoong kalagayan, ni wala silang ganoong hangarin. Ito ang pinakamalaking kamalian ng mga tao sa kanilang pagsasagawa. Naniniwala ka sa Diyos, nguni't hindi mo iniingatan sa iyong puso ang Diyos. Paano ito hindi isang kasalanan? Hindi mo ba dinadaya ang iyong sarili? Anong uri ng mga bunga ang nakukuha mo kung patuloy kang naniniwala sa ganyang paraan? Bukod pa riyan, paano naipapamalas ang kabuluhan ng paniniwala sa Diyos?

Nang may ginawa kang isang bagay, hindi talaga nasiyahan ang Diyos. Nang gagawin mo na ang bagay na iyon, nanalangin ka ba sa Kanya? Pinagnilayan mo na ba, "Paano titingnan ng Diyos ang bagay na ito kung iniharap ito sa Kanya? Masisiyahan ba Siya o maiinis kung malaman Niya ang tungkol dito? Kasusuklaman ba Niya iyon?" Hindi mo hinangad iyon, hindi ba? Kahit pinaalalahanan ka ng iba, iisipin mo pa rin na ang usapin ay hindi malaking bagay, at na hindi iyon labag sa anumang mga prinsipyo at hindi iyon kasalanan. Dahil dito, nagkasala ka sa disposisyon ng Diyos sa bagay na ito at ginalit mo Siya nang husto, hanggang sa kamuhian ka Niya. Kung naghanap ka at nagsiyasat, at nalinawan mo ang bagay na iyon bago ka kumilos, hindi mo kaya iyon napangasiwaan? Kahit kung minsan ay hindi maganda ang kalagayan ng mga tao, kung taimtim nilang dadalhin sa harap ng Diyos ang lahat ng

plano nilang gawin para sa pagsisiyasat at paghahanap, hindi sila makakagawa ng anumang malalaking pagkakamali. Sa pagsasagawa ng katotohanan, nahihirapang umiwas ang mga tao na magkamali, ngunit kung alam mo kung paano gawin ang mga bagay alinsunod sa katotohanan kapag ginagawa mo ang mga ito, subalit hindi mo isinakatuparan ang mga ito alinsunod sa katotohanan, kung gayon ang problema ay wala kang pagmamahal sa katotohanan. Hindi mababago ang disposisyon ng isang taong walang pagmamahal sa katotohanan. Kung hindi mo maunawaan nang tumpak ang kalooban ng Diyos, at hindi mo alam kung paano magsagawa, dapat kang makipagbahaginan sa iba. Kung walang sinumang nakakaramdam na malinaw sa kanila ang bagay na ito, kung gayon dapat mong isagawa ang pinakamakatwirang solusyon. Gayunman, kung matuklasan mo sa bandang huli na nagkamali ka nang kaunti sa pagsasagawa nito sa ganitong paraan, dapat mong itama ito kaagad, at hindi ituturing ng Diyos na kasalanan ang pagkakamaling ito. Dahil tama ang mga layunin mo sa pagsasagawa ng bagay na ito, at nagsagawa ka alinsunod sa katotohanan at hindi mo lamang ito nalinawan, at nagbunga ng ilang kamalian sa iyong mga pagkilos, kung gayon makatwirang kadahilanan ito. Gayunman, maraming tao sa panahong ito ang umaasa na lamang sa dalawang kamay nila mismo sa pagtatrabaho at sa sarili nilang utak sa paggawa ng ganito at ganoon, at bihira nilang isaalang-alang ang mga tanong na ito: Naaayon ba sa kalooban ng Diyos ang pagsasagawa sa ganitong paraan? Masisiyahan ba ang Diyos kung ginawa ko ito sa ganitong paraan? Pagtitiwalaan ba ako ng Diyos kung ginawa ko ito sa ganitong paraan? Isasagawa ko ba ang katotohanan kung ginawa ko ito sa ganitong paraan? Kung mabalitaan ng Diyos ang bagay na ito, masasabi ba Niyang, “Nagawa mo ang bagay na ito nang tama at angkop! Ipagpatuloy mo iyan”? Nagagawa mo bang suriing mabuti ang lahat ng bagay na nakakaharap mo? Maaari ka bang maging seryoso at metikuloso tungkol sa bawat isa sa mga ito? O nagagawa mo bang pagnilayan kung kinamumuhian ng Diyos ang paraan ng pagsagawa mo rito, kung ano ang pakiramdam ng lahat ng iba pa tungkol sa iyong mga

pamamaraan, at kung ginagawa mo ito batay sa sarili mong kalooban o para bigyang-kasiyahan ang sarili mong mga kagustuhan…? Kailangang higit mo pang pag-isipan ito at hanapin, at ang iyong mga kamalian ay magiging paunti nang paunti. Ang paggawa ng mga bagay sa ganitong paraan ay magpapatunay na isa kang taong tunay na naghahanap sa katotohanan at na isa kang taong nagpipitagan sa Diyos, dahil ginagawa mo ang mga bagay-bagay alinsunod sa direksyong hinihingi ng katotohanan.

Hinango mula sa "Ang Paghahanap sa Kalooban ng Diyos ay Alang-alang sa Pagsasagawa ng Katotohanan" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Anuman ang gawin mo, kailangan mong matutong hanapin at sundin ang katotohanan doon. Hangga't kumikilos ka alinsunod sa katotohanan, kumikilos ka nang tama. Kahit na isang bata ang nagmungkahi noon, o ang pinakahindi kapansin-pansing batang kapatid, habang ang sinasabi nila ay tumatalima sa katotohanan, ang ginagawa mo ay magkakaroon ng mabuting kalalabasan, at tatalima ito sa kalooban ng Diyos. Ang pangangasiwa sa isang bagay ay nakabatay sa iyong simbuyo at sa iyong mga prinsipyo sa pangangasiwa doon. Kung ang iyong mga prinsipyo ay nagmumula sa kalooban ng tao; kung nagmumula ang mga ito sa mga pantaong kaisipan, palagay, o pag-iisip; o kung nanggagaling ang mga ito sa mga pantaong damdamin at pananaw, ang pangangasiwa mo sa bagay na ito ay magiging mali, dahil ang pagmumulan nito ay mali. Kapag ang mga pagtingin mo ay batay sa mga prinsipyo ng katotohanan, at pinangangasiwaan mo ang mga bagay alinsunod sa mga katotohanang prinsipyo, siguradong mapangangasiwaan mo ang kasalukuyang usapin nang tama. Minsan, hindi matatanggap ng ibang tao ang pangangasiwa mo sa bagay sa kasalukuyan, at, sa mga panahong iyon, tila may sarili silang mga palagay, o ang puso nila ay maguguluhan. Gayunman, matapos ang ilang panahon, mapatutunayang tama ka. Ang mga bagay na tumatalima sa kalooban ng Diyos ay magmumukhang mas mabuti sa paglipas ng panahon; subalit ang kalalabasan ng mga bagay na hindi tumatalima sa

kalooban ng Diyos—ang mga bagay na sang-ayon sa kalooban ng tao at gawa ng tao—ay lumalala sa paglipas ng panahon, at lahat ay mapatutunayang ganoon nga. Kapag kumilos ka, huwag mong alalahanin kung kaninong paraan ang dapat o hindi dapat na gumabay sa iyo, at huwag kang gumawa ng mga palagay. Una sa lahat, dapat kang maghangad at magdasal, at pagkatapos ay sumulong ka nang dahan-dahan, at makisalamuha sa lahat. Ano ang layunin ng pakikisalamuha? Binibigyang kakayanan nitong gawin ng isang tao ang mga bagay sa tiyak na pagsang-ayon sa kalooban ng Diyos, at kumilos nang naaayon sa kalooban ng Diyos. Tila isa itong maringal na paraan ng pagpapaliwanag nito; sabihin nating binibigyang kakayanan nito na pangasiwaan ang mga gawain sa isang tiyak na pagsang-ayon sa mga katotohanang prinsipyo—tila mas tunay ito. Kung makakamit mo ito, puwede na iyon.

Hinango mula sa “Ang Landas sa Pagtutuwid ng Tiwaling Disposisyon” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sa tunay na buhay, dapat kang magdasal tuwing may nangyayari sa iyo. Sa pinakaunang pangyayari, dapat kang lumuhod at magdasal—ito ay mahalaga. Ipinamamalas ng pagdarasal ang iyong saloobin sa Diyos sa Kanyang presensya. Hindi mo ito gagawin kung wala ang Diyos sa puso mo. Sinasabi ng ilang tao, “Nagdarasal ako ngunit hindi pa rin ako nililiwanagan ng Diyos!” Hindi mo dapat sabihin iyan. Tingnan mo muna kung tama ang mga motibasyon mo sa pagdarasal; kung totoong hinahanap mo ang katotohanan at madalas kang magdasal sa Diyos, liliwanagan ka Niya nang maayos sa ilang bagay upang maunawaan mo—sa madaling salita, tutulungan ka ng Diyos na makaunawa. Kung wala ang kaliwanagan ng Diyos, hindi ka makauunawang mag-isa: Kulang ka ng talas ng isip, wala kang talino para dito, at hindi ito kayang tamuhin ng katalinuhan ng tao. Kapag nakauunawa ka, nagmumula ba ang pag-unawang iyan sa sarili mong isipan? Kung hindi ka liniwanagan ng Banal na Espiritu, hindi malalaman ng sinumang tinatanong mo kung ano ang kahulugan ng gawain ng Diyos o kung ano ang ibig sabihin ng Diyos;

kapag sinabi sa iyo ng Diyos Mismo ang kahulugan, saka mo lamang iyon malalaman. Kaya nga, ang unang dapat gawin kapag may nangyayari sa iyo ay magdasal. Ang pagdarasal ay nangangailangan ng pagsisiyasat taglay ang isang saloobing naghahanap, at pagpapahayag ng iyong mga iniisip, palagay, at saloobin—ito ang dapat nitong ipaloob. Mawawalan ng bisa ang matamlay na paggawa ng mga bagay-bagay, kaya huwag mong sisihin ang Banal na Espiritu kapag hindi ka Niya liniwanagan. Nalaman Ko na sa pananampalataya sa Diyos ng ilang tao, patuloy silang naniniwala, ngunit hanggang sa mga labi lamang nila ang Diyos. Wala ang Diyos sa kanilang mga puso, itinatatwa nila ang gawain ng Espiritu, at itinatatwa rin nila ang pagdarasal; binabasa lamang nila ang mga salita ng Diyos, at wala nang iba. Matatawag ba itong pananampalataya sa Diyos? Tuloy-tuloy lamang silang naniniwala hanggang sa tuluyang mawala ang Diyos sa kanilang pananampalataya. Sa partikular, may mga tao na kadalasan ay namamahala sa mga pangkalahatang pangyayari, at nadarama nila na abalang-abala sila at wala silang napapala sa lahat ng kanilang pagsisikap. Ito ay isang usapin ng mga taong hindi tumatahak sa tamang landas sa kanilang pananampalataya sa Diyos. Hindi ba't mahirap na gawain ang tumahak sa tamang daan? Bigo silang tumahak sa daang ito kahit matapos nilang maunawaan ang maraming doktrina, at may ugaling tumahak sa landas na pababa. Kaya kapag may nangyayari sa inyo, dapat kayong gumugol ng mas maraming oras sa pagdarasal at paghahanap—ito ang pinakapayak na dapat ninyong gawin. Ang pagkatuto kung paano hangarin ang kalooban ng Diyos at ang mga layon ng Banal na Espiritu ang mahalaga. Kung walang kakayahan ang mga taong naniniwala sa Diyos na maranasan at maisagawa iyon, wala silang mapapala, at mawawalan ng saysay ang kanilang pananampalataya.

Hinango mula sa "Tingnan ang Lahat ng Bagay sa Pamamagitan ng mga Mata ng Katotohanan" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Bago ang pagpapako sa krus, ang Panginoong Jesus ay nanalangin. Paano ito eksaktong sinambit? ("Kung baga maaari, ay lumampas sa Akin

ang sarong ito: gayon ma'y huwag ang ayon sa ibig Ko, kundi ang ayon sa ibig Mo" "Kung di mangyayaring makalampas ito, kundi Ko inumin, mangyari nawa ang Iyong kalooban" (Mateo 26:39, 42).) Bilang mga miyembro ng nilikhang sangkatauhan, lahat ng tao ay dapat na sumailalim sa ganoong proseso ng paghahanap, sapagkat hindi nila nauunawaan ang kalooban ng Diyos. Iyon ay normal na proseso. Gayunpaman, gaano ka man maghanap at gaano man katagal, kabigat o kahirap ang proseso ng paghahanap, walang anumang nagbago sa itinakdang gawin ng Diyos mula sa umpisa pa lamang, ni hindi Niya kailanman pinagpasyahang baguhin iyon. Maaaring maghanap at maghintay ang mga tao, at pinapayagan silang maproseso ng Diyos upang magtamo ng pagkaunawa, kaalaman at kaliwanagan sa kung ano talaga ang totoo, ngunit hindi Niya kailanman babaguhin ang isa mang desisyon. Samakatuwid, hindi mo dapat maramdaman na ang mga bagay ay basta-basta na lamang nangyayari sa iyo, o na kapag nakaligtas ka mula sa sakuna at tiyak na kamatayan, iyon ay suwerte lamang at pagkakataon. Hindi. Ang Diyos ay may naitakda nang plano at tiyak na pagkakaayos para sa bawat nilalang, mula sa pinakamalaki hanggang sa pinakamaliit, mula sa mga nakikita hanggang sa mumunti, nilikha ang sangkatauhan, at maging ang mga kaliit-liitang organismo. Ito ang ginawa ng Lumikha. Ang ilang taong nagkakasakit ay nagsasabing ang kanilang karamdaman ay mula sa lubhang pagkapagod sa isang gawain o mula sa hindi sinasadyang pagkain ng maling bagay. Huwag kang maghanap ng mga ganoong dahilan; lahat ng iyon ay mga negatibo at mapanutol na saloobin. Kailangan mong harapin ng may positibong pananaw ang mga kapaligiran, mga tao, mga pangyayari at mga bagay na isinaayos para sa iyo ng Diyos. Hindi na kailangang humanap pa ng mga kadahilanan; sa halip, dapat mong maunawaan mula sa positibong dako kung ano nga ba talaga ang kalooban at saloobin ng Diyos sa pagbibigay sa iyo ng pangyayaring ito, at kung anong saloobin ang dapat mong taglayin bilang isang nilikhang tao kapag humaharap nito; ito ang landas na dapat mong hanapin. Kapag nakaligtas ang isang tao, hindi iyon pagkakataon lamang, o ni hindi

maiiwasang bagay; ang mga pagsasaayos, mga intensyon, at ang kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha ay palaging naroon. Walang ni isa mang walang kabuluhan. Iniisip mo ba na ang mga salita ng Diyos, ang Kanyang kalooban, at ang katotohanan ay walang kabuluhan? Hindi iyon ganoon! Kapag hindi pa naiintindihan ng mga tao ang kalooban ng Diyos, madali silang maniwala sa ilang mga kuro-kuro at mga pag-iisip, at nararamdaman nila na ang mga kuro-kuro at mga pag-iisip na iyon ay tama na, at maaaring kalooban ng Diyos. Sa katunayan, mula sa pananaw ng Diyos, hindi iyon totoo. Iniisip ng mga tao, "Ang aking mga kaisipan ay tama; mayroon akong maraming pananampalataya at iginagalang ko ang Diyos. Nagpasakop na ako; iniibig ko Siya." Ang katotohanan ay ni hindi pinapansin ng Diyos ang mga ganitong kaisipan at kilos mo. Kapag nararamdaman mo na ikaw ay nasa tama, hindi mo talagang naunawaan ang katotohanan, ni hindi mo pa natatamo iyon. Kapag natarok mo na ang lahat ng ito, at may kabatiran na sa katotohanan na, sa huling pagsusuri, lahat ay ginagawa sa pamamagitan ng kataas-taasang kapangyarihan, pagsasaayos at pagtatakda ng Lumikha, doon lamang tunay na makakamit ang mga bunga ng lahat ng iyong hinarap, tanging doon ka lamang tunay na magiging kaayon sa kalooban ng Diyos, at tanging sa oras lang na iyon mo ito tunay na mauunawaan.

Hinango mula sa "Sa Paghahanap Lamang ng Katotohanan Malalaman ng Isang Tao ang mga Gawa ng Diyos" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung malayo sa katotohanan ang mga pagkilos ng isang mananampalataya, kung gayon kapareho siya ng isang walang pananampalataya. Ito ang uri ng taong wala ang Diyos sa kanyang puso, at tumatalikod sa Diyos, at ang gayong tao ay katulad ng isang bayarang manggagawa sa pamilya ng Diyos na gumagawa ng maliliit na trabaho para sa kanyang amo, tumatanggap ng maliit na sahod, at pagkatapos ay umaalis. Hindi talaga ganito ang taong naniniwala sa Diyos. Dati-rati, nabanggit kung ano ang magagawa mo upang makamit ang pagsang-ayon ng Diyos. Ang pagsang-ayon ng Diyos ang unang dapat mong pag-isipan

at pagsumikapan; ito dapat ang prinsipyo at saklaw ng iyong pagsasagawa. Dapat mong tukuyin kung ang iyong ginagawa ay naaayon sa katotohanan dahil kung naaayon ito sa katotohanan, tiyak na naaayon ito sa kalooban ng Diyos. Hindi naman sa dapat mong masukat kung tama o mali ang bagay na ito, o kung naaayon ito sa mga panlasa ng lahat ng iba pa, o kung naaayon ito sa sarili mong mga kagustuhan; sa halip, dapat mong tukuyin kung alinsunod ito sa katotohanan, at kung may pakinabang man ito sa gawain at mga interes ng iglesia o wala. Kung isasaalang-alang mo ang mga bagay na ito, mas lalo kang makakaayon sa kalooban ng Diyos kapag gumagawa ka ng mga bagay-bagay. Kung hindi mo isasaalang-alang ang mga aspetong ito, at aasa ka lamang sa sarili mong kalooban kapag ginagawa mo ang mga bagay-bagay, kung gayon garantisadong gagawin mo ang mga ito nang mali, dahil ang kalooban ng tao ay hindi ang katotohanan at, mangyari pa, hindi kaayon ng Diyos. Kung nais mong masang-ayunan ng Diyos, kailangan mong magsagawa ayon sa katotohanan sa halip na ayon sa sarili mong kalooban. Ang ilang tao ay abala sa ilang lihim na mga bagay alang-alang sa pagganap sa kanilang mga tungkulin. Ang tingin ng kanilang mga kapatid kung gayon ay hindi ito angkop, at sinusumbatan sila dahil dito, ngunit hindi tinatanggap ng mga taong ito ang paninisi. Ipinapalagay nila na dahil ito ay isang personal na bagay na walang kinalaman sa gawain, pananalapi, o mga tao ng iglesia, hindi ito maituturing na paglabag sa saklaw ng katotohanan, at hindi dapat makialam ang Diyos sa bagay na ito. Ang ilang bagay ay tila mga pribadong bagay para sa iyo na walang kinalaman sa anumang prinsipyo o katotohanan. Gayunman, dahil sa ginawa mo, naging napakamakasarili mo dahil hindi mo isinaalang-alang ang gawain ng pamilya ng Diyos o kung paano makakaapekto ito rito; isinaalang-alang mo lamang ang sarili mong kapakinabangan. May kinalaman na ito sa kagandahang-asal ng mga banal, gayundin ang mga isyung may kinalaman sa pagkatao ng isang tao. Kahit walang kinalaman ang ginagawa mo sa mga interes ng iglesia, ni wala itong kinalaman sa katotohanan, ang pagiging abala sa isang pribadong bagay habang sinasabi na isinasagawa mo ang iyong tungkulin

ay hindi naaayon sa katotohanan. Ano man ang iyong ginagawa, gaano man kalaki o kaliit ang isang bagay, at ginagawa mo man iyon upang gampanan ang iyong tungkulin sa pamilya ng Diyos o para sa sarili mong mga lihim na dahilan, kailangan mong isipin kung naaayon ang ginagawa mo sa kalooban ng Diyos, at kung ito ba ay isang bagay na dapat gawin ng isang taong makatao. Kung ganito ang paghahanap mo ng katotohanan sa lahat ng ginagawa mo, isa kang taong tunay na nananalig sa Diyos. Kung taimtim mong tinatrato ang bawat bagay at bawat katotohanan sa ganitong paraan, magkakamit ka ng mga pagbabago sa iyong disposisyon. Iniisip ng ilang tao na kapag gumagawa sila ng isang personal na bagay, maaari nilang basta balewalain ang katotohanan, gawin ito ayon sa gusto nila, gawin ito sa anumang paraang nagpapasaya sa kanila at sa anumang paraang makakabuti sa kanila. Wala sila ni katiting na konsiderasyon kung paano nito maaapektuhan ang pamilya ng Diyos, ni wala silang konsiderasyon kung ang ginagawa nila ay naaangkop sa banal na kawastuhan. Sa huli, kapag tapos na sila sa bagay na ito, nagdidilim ang kanilang kalooban at hindi sila mapakali, bagama't hindi nila alam kung bakit. Paghihiganti ba ito na hindi nararapat? Kung gumagawa ka ng mga bagay na hindi sinasang-ayunan ng Diyos, nagkasala ka sa Diyos. Kung hindi mahal ng isang tao ang katotohanan, at madalas nilang ginagawa ang mga bagay ayon sa sarili nilang kalooban, madalas silang magkakasala sa Diyos. Ang gayong mga tao ay karaniwang hindi sinasang-ayunan ng Diyos sa kanilang ginagawa, at kung hindi sila magsisisi, hindi malayong parusahan sila.

Hinango mula sa "Ang Paghahanap sa Kalooban ng Diyos ay Alang-alang sa Pagsasagawa ng Katotohanan" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

24. Ang mga Prinsipyo ng Paghahanap sa Katotohanan

(1) Kapag nahihirapan ang isang tao sa mga salita ng Diyos, dapat silang manalangin sa Diyos at hanapin ang katotohanan. Dagdag pa rito, dapat nilang bulay-bulayin nang madalas ang mga salita ng Diyos, at pagtuunan ang paghahanap ng kasagutan sa Kanyang mga salita;

(2) Hindi dapat tanggapin na lamang basta-basta ang mga salita ng sinumang tao, sa halip dapat maingat na kilatisin ang mga ito sa panukatan ng mga salita ng Diyos. Tanging ang may batayan lamang sa mga salita ng Diyos ang umaayon sa katotohanan;

(3) Dagdag pa sa pagbabasa ng mga salita ng Diyos, pagtuunan ang pakikinig sa mga sermon at pagbabahagi ng bahay ng Diyos. Tanging ang mga iyon na nagmumula sa kaliwanagan at pagpapalinaw ng Banal na Espiritu ang umaayon sa katotohanan;

(4) Ang pag-unawa sa doktina ay hindi pag-unawa sa katotohanan. Ang katotohanan ay buhay; ito ang realidad at, higit pa rito, ito ang prinsipyo. Tanging ang mga kinukumpirma sa pamamagitan ng karanasan ang umaayon sa katotohanan.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Kung nais mong lumago sa buhay, kailangan mong hanapin ang katotohanan sa lahat ng bagay. Anuman ang iyong ginagawa, dapat mong alamin kung paano umasal nang tama upang makaayon sa katotohanan, at tuklasin kung anong mga dungis ang umiiral sa iyong kalooban na lumalabag dito; dapat kang magkaroon ng malinaw na pagkaunawa tungkol sa mga bagay na ito. Anuman ang iyong ginagawa, dapat mong isipin kung ito ay may halaga o wala. Magagawa mo ang mga bagay na may kahulugan, ngunit hindi mo dapat gawin ang mga bagay na walang kahulugan. Patungkol sa mga bagay na maaari mong gawin o hindi gawin, kung maaaring bitawan ang mga ito, bitawan mo ang mga ito. Kung hindi, kung gagawin mo ang mga bagay na ito nang ilang panahon at kalaunan ay matuklasan mo na dapat mong bitawan ang mga ito, kung gayon ay mabilis na magpasiya at bitawan kaagad ang mga ito. Ito ang prinsipyong dapat mong sundan sa lahat ng ginagawa mo. Ito ang tanong ng ilang tao: Bakit napakahirap hanapin ng katotohanan at isagawa ito—na tila ba namamangka ka nang pasalungat sa agos, at maaanod ka pabalik kung tumigil ka sa pagsagwan nang pasulong? Bakit ba mas madali talagang gumawa ng masama o walang-kabuluhang mga bagay—kasindali ng pamamangka nang paayon sa agos? Bakit ganoon? Ito ay dahil likas sa

tao ang magtaksil sa Diyos. Ang kalikasan ni Satanas ay nangibabaw na sa kalooban ng mga tao, at ito ay isang puwersang reaksyonaryo. Ang mga taong likas na nagtataksil sa Diyos, mangyari pa, ay malamang na gumawa ng mga bagay na nagtataksil sa Kanya, at natural na mahirap para sa kanila ang kumilos nang positibo. Ganap itong pinagpapasiyahan ng kalikasang diwa ng sangkatauhan. Sa sandaling talagang maunawaan mo ang katotohanan at simulan mong mahalin ito mula sa iyong kalooban, magkakaroon ka ng lakas na gawin ang mga bagay na naaayon sa katotohanan. Sa gayon ay nagiging normal ito, at wala pang kahirap-hirap at kaaya-aya, at mararamdaman mo na mangangailangan ng malaking pagsisikap ang paggawa ng anumang negatibo. Ito ay dahil nangibabaw na ang katotohanan sa puso mo. Kung talagang nauunawaan mo ang katotohanan tungkol sa buhay ng tao at kung anong uri dapat maging ang isang tao—paano maging isang taong walang kapintasan at prangka, isang taong matapat, isang taong nagpapatotoo sa Diyos at naglilingkod sa Kanya—hindi ka na muling gagawa kailanman ng masasamang gawain na sumusuway sa Kanya, ohindi mo na muling gagampanan ang papel ng isang huwad na pinuno, isang huwad na manggagawa, o isang anticristo. Kahit nililinlang ka ni Satanas, o sinusulsulan ka ng sinumang masama, hindi mo ito gagawin; sinuman ang sumusubok na pilitin ka, hindi ka pa rin kikilos nang ganoon. Kung matamo ng mga tao ang katotohanan at nagiging buhay nila ang katotohanan, nagagawa nilang kamuhian ang kasamaan at nakadarama sila ng pagkasuklam sa mga negatibong bagay sa kanilang kalooban. Magiging mahirap para sa kanila ang gumawa ng kasamaan, sapagkat nagbago na ang kanilang disposisyon sa buhay at nagawa na silang perpekto ng Diyos.

Hinango mula sa “Sa Pamamagitan Lamang ng Paghahabol sa Katotohanan Nakakamit ng Isang Tao ang Pagbabago sa Disposisyon” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung nais mong hanapin ang katotohanan at maunawaan ang kalooban ng Diyos, kailangan mo munang tingnan kung anong uri ng mga bagay ang nangyari na sa iyo, sa aling mga aspeto ng katotohanan

nauugnay ang mga ito, at hanapin ang partikular na katotohanan sa salita ng Diyos na nauugnay sa kung anong naranasan mo na. At pagkatapos ay hanapin mo ang landas ng pagsasagawa na naaayon para sa iyo sa katotohanang iyon; sa ganitong paraan ay makakamit mo ang isang di-tuwirang pagkaunawa sa kalooban ng Diyos. Ang paghahanap at pagsasagawa sa katotohanan ay hindi pagsasabuhay ng isang doktrina nang wala sa loob o pagsunod sa isang pormula. Ang katotohanan ay hindi gaya ng isang pormula, hindi rin ito isang batas. Hindi ito patay—ito ay buhay mismo, ito ay isang buhay na bagay, at ito ang patakaran na dapat sundin ng isang nilikha habang nabubuhay at ang patakaran na dapat taglayin ng isang tao habang nabubuhay. Isang bagay ito na dapat mong, hangga't maari, ay maunawaan sa pamamagitan ng karanasan. Ano mang yugto ang narating mo na sa iyong karanasan, hindi ka maihihiwalay sa salita ng Diyos o sa katotohanan, at kung ano ang iyong pagkaunawa sa disposisyon ng Diyos at kung ano ang iyong nalalaman sa kung anong mayroon at kung ano ang Diyos ay ipinahahayag lahat sa mga salita ng Diyos; nauugnay ang mga ito nang hindi maihihiwalay sa katotohanan. Ang disposisyon ng Diyos at kung anong mayroon at kung ano Siya ay, mismong, ang katotohanan; ang katotohanan ay isang tunay na pagpapakita ng disposisyon ng Diyos at ng kung anong mayroon at kung ano Siya. Ginagawa nitong kongkreto ang kung anong mayroon at kung ano Siya, at malinaw nitong ipinahahayag ang kung anong mayroon at kung ano Siya; sinasabi nito sa iyo nang mas tuwiran kung ano ang gusto ng Diyos, kung ano ang hindi Niya gusto, kung ano ang nais Niyang gawin mo at kung ano ang hindi Niya pinahihintulutang gawin mo, kung anong mga tao ang kinamumuhian Niya at kung anong mga tao ang kinagigiliwan Niya. Sa likod ng mga katotohanang ipinahahayag ng Diyos, makikita ng tao ang Kanyang kaluguran, galit, kalungkutan, at kasiyahan, gayundin ang Kanyang diwa—ito ang paghahayag ng Kanyang disposisyon. Maliban sa pagkaalam sa kung anong mayroon at kung ano ang Diyos, at pagkaunawa sa Kanyang disposisyon mula sa Kanyang salita, ang pinakamahalaga ay ang pangangailangan na marating ang pagkaunawang

ito sa pamamagitan ng praktikal na karanasan. Kung inaalis ng isang tao ang kanyang sarili mula sa tunay na buhay upang makilala ang Diyos, hindi nila magagawang makamtan iyon. Kahit na may mga tao na makapagkakamit ng kaunting pagkaunawa mula sa salita ng Diyos, limitado ang kanilang pagkaunawa sa mga teorya at mga salita, at doon nagbubuhat ang pagkakaiba-iba sa kung ano talaga ang Diyos Mismo.

Hinango mula sa “Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo III” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa ngayon may ibang taong nagtataglay ng hindi malinaw na kamalayan sa kung gaano kahalaga ang katotohanan sa kanilang kaligtasan, at iyon ay mabuting bagay. Gayunpaman, kung ang kamalayang ito ay maaaring mag-ugat ay nakasalalay sa kung paano mo susunod na hahabulin ang katotohanan. Napakahalaga ng paghahabol sa katotohanan. Halimbawa, kapag ikaw ay negatibo at mahina, maaari ka bang maging malakas nang walang suporta at pagkakaloob ng katotohanan? Kaya mo bang mapagtagumpayan ang iyong kahinaan? Kaya mo bang mapagtanto kung bakit ka naging negatibo at mahina? Tiyak na hindi. Kapag pabaya ka at walang pakialam habang ginagampanan ang iyong tungkulin, naaayos mo ba ang aspektong ito ng iyong katiwalian nang hindi hinahanap ang katotohanan? Kaya mo bang maging tapat sa Diyos? Nakikilala ba ng mga tao ang kanilang sarili at natutugunan ang kanilang mga tiwaling disposisyon kung hindi nila hinahanap ang katotohanan? Hindi. Kapag ang mga tao ay palaging may mga kuru-kuro tungkol sa Diyos, at palagi Siyang sinusukat gamit ang sarili nilang mga kuru-kuro at haka-haka, maaari bang malutas ang mga gayong bagay nang walang katotohanan? Hindi maaari. Sa karamihan ng nakakaharap natin —kabilang ang mga bagay sa ating pang-araw-araw na pamumuhay—kung hindi natin taglay ang katotohanan, hindi hinahanap ang katotohanan, at saka, hindi nauunawaan ang katotohanan, at kung mangmang tayo sa sinasabi ng Diyos tungkol sa mga gayong bagay at sa Kanyang kalooban, paano natin haharapin ang nangyayari sa atin kung

gayon? Ang mga medyo mas magaling ay maaaring sumubok na maghanap ng solusyon gamit ang mga salita, parirala, at panuntunan na pamilyar sa kanila, o sa pamamagitan ng paggamit ng mga pamamaraan ng tao, ngunit mapapalitan ba nito ang katotohanan sa paglutas ng kanilang mga problema? Kung hindi natin hahanapin ang katotohanan, masasabing walang anuman sa buhay natin ang mayroong anumang prinsipyo, ni wala tayong landas sa pagsasagawa, lalong wala tayong anumang layunin o direksyon. Kung ito ang kaso, ang lahat ng ating ginagawa ay sumasalungat at nagtataksil sa Diyos. Sa gayon, hindi ba Niya kinamumuhian at sinusumpa ang lahat ng ating ginagawa? Hindi ba Niya hahatulan at kakastiguhin ang ating mga kilos? Samakatuwid, malamang na bago tunay na maunawaan ang katotohanan, makatatagpo ang bawat tao ng ilan sa paghuhusga, pagkastigo, pagtutuwid, at pagdidisiplina ng Diyos—ang layunin ng lahat ng ito ay makamit ng mga tao ang katotohanan.

Hinango mula sa “Ang Kahalagahan ng Paghahabol sa Katotohanan at ang Landas ng Paghahabol Dito” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung nais mong isagawa ang katotohanan, at kung nais mo na maunawaan ito, dapat mo munang maunawaan ang diwa ng mga hinaharap mong hirap at ang mga bagay na nagaganap sa iyong paligid, kung ano ang mga suliranin sa mga usaping ito, gayundin kung anong aspekto ng katotohanan ang nauugnay sa mga ito. Dapat mong hanapin ang mga bagay na ito, at, pagkaraan, dapat mong hanapin ang katotohanan batay sa mga aktwal mong hirap. Sa ganyang paraan, habang unti-unti kang nagkakamit ng karanasan, magagawa mong makita ang kamay ng Diyos sa lahat ng bagay na nangyayari sa iyo, gayundin sa kung ano ang nais Niyang gawin at ang mga resulta na nais Niyang makamit sa iyo. Marahil ay hindi mo kailanman nararamdaman na ang anumang nangyayari sa iyo ay nakakabit sa paniniwala sa Diyos at sa katotohanan, at sinasabi na lamang sa sarili mo, “May sarili akong paraan ng pakikitungo rito; hindi ko kailangan ang katotohanan o ang mga salita ng Diyos. Kapag

dumadalo ako sa mga pagtitipon, o kapag binabasa ko ang mga salita ng Diyos, o kapag ginagampanan ko ang aking tungkulin, sisiyasatin ko ang aking sarili laban sa katotohanan at laban sa mga salita ng Diyos.” Kung ang mga pang-araw-araw na bagay na nagaganap sa buhay mo—mga bagay na may kinalaman sa pamilya, gawain, pag-aasawa, at kinabukasan mo—kung nararamdaman mong ang iba’t ibang mga bagay na ito ay walang kinalaman sa katotohanan, at nilulutas mo ang mga ito gamit ang mga pantaong kaparaanan, kung ito ang paraan mo ng karanasan, kung gayon ay hindi mo matatamo ang katotohanan; hindi mo mauunawaan kung ano lamang ang ninanais ng Diyos na gawin sa iyo o ang mga resulta na nais Niyang matamo. Ang pagtataguyod sa katotohanan ay isang mahabang proseso. May payak na bahagi rito, at may masalimuot na bahagi rin. Sa madaling salita, dapat nating hanapin ang katotohanan at gawin at danasin ang mga salita ng Diyos sa lahat nang nagaganap sa ating paligid. Minsang masimulan mong gawin ito, lalo at lalo mong makikita kung gaanong katotohanan ang dapat mong matamo at itaguyod sa iyong paniniwala sa Diyos, at ang katotohanan ay sadyang tunay at katotohanan ang buhay. Hindi totoong tanging yaong mga naglilingkod sa Diyos at sa mga pinuno ng iglesia ang kinakailangang gawin ang lahat-lahat ayon sa katotohanan, habang ang mga karaniwang tagasunod ay hindi; kung ganoon, walang magiging malaking kabuluhan sa mga salitang ipinahahayag ng Diyos. May isang landas ka na ba ngayon upang hangarin ang katotohanan? Anong unang bagay na dapat tugunan kapag hinahangad ang katotohanan? Bago ang lahat, dapat kang gumugol ng higit na panahon sa pagkain at pag-inom sa mga salita ng Diyos at pakikinig sa mga pagsasalamuha. Kapag may nakaharap kang isang usapin, magdasal at higit na maghangad pa. Kapag nasangkapan na ninyo ang inyong mga sarili ng maraming mga katotohanan, at natamo na ang pagpasok sa buhay, at nagtataglay ng tayog, magagawa ninyong gawin ang isang bagay na tunay, idaos ang isang maliit na gawain, at sa gayon ay magagawang lusutan ang ilang mga pagsubok at mga tukso. Sa oras na iyon, mararamdaman ninyong talagang naunawaan na at nakamit na ninyo

ang ilang mga katotohanan, at madarama ninyo na ang mga salitang sinasabi ng Diyos ay kung ano ang kailangan ng mga tao, gayundin ang kung ano ang dapat nilang makamit, at na ito ang tanging katotohanan sa daigdig na makapagbibigay ng buhay sa mga tao.

Hinango mula sa “Ang Kahalagahan ng Paghahabol sa Katotohanan at ang Landas ng Paghahabol Dito” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Anuman ang ginagawa mo, dapat mo munang unawain kung bakit mo iyon ginagawa, ano ang intensyong nagtutulak sa iyo na gawin iyon, ano ang kabuluhan ng paggawa mo nito, ano ang kalikasan ng bagay na ito, at kung positibo o negatibong bagay ba ang ginagawa mo. Kailangan mong magkaroon ng malinaw na pagkaunawa sa lahat ng bagay na ito; lubhang kinakailangan ito para makakilos nang may prinsipyo. Kung may ginagawa ka para tuparin ang tungkulin mo, dapat mong pagnilayan ito: Paano ko ito dapat gawin? Paano ko dapat tuparin nang maayos ang tungkulin ko para hindi ko lang iyon ginagawa nang basta-basta? Dapat kang lumapit sa Diyos sa bagay na ito. Ang paglapit sa Diyos ay nangangahulugan ng paghahanap sa katotohanan sa bagay na ito, paghahanap ng paraan ng pagsasagawa, paghahangad sa kalooban ng Diyos, at pag-alam kung paano bigyang-kasiyahan ang Diyos. Ganito ang paglapit sa Diyos sa lahat ng ginagawa mo. Hindi kasali rito ang pagsasagawa ng seremonyang pangrelihiyon o pagpapakita na kumikilos ka. Ginagawa ito para makapagsagawa alinsunod sa katotohanan matapos hangarin ang kalooban ng Diyos. Kung lagi mong sinasabing “Salamat sa Diyos” kahit na wala ka pa namang nagagawa, subalit kapag may ginagawa ka, patuloy mo iyong ginagawa sa paraang gusto mo, ang uring ito ng pasasalamat ay isa lamang pagpapakita na kumikilos ka. Kapag tinutupad mo ang tungkulin mo o may ginagawa ka, dapat mong isipin palagi: Paano ko dapat tuparin ang tungkuling ito? Ano ang kalooban ng Diyos? Ito ay ang mapalapit ka sa Diyos sa pamamagitan ng ginagawa mo, at, sa paggawa nito, hanapin ang mga prinsipyo at katotohanan sa likod ng iyong mga pagkilos gayon din ang kalooban ng Diyos, at huwag lumayo sa Diyos sa anumang ginagawa

mo. Gayong tao lamang ang tunay na nananalig sa Diyos. Sa mga panahong ito, tuwing may mga bagay-bagay na nadaraanan ang mga tao, anuman ang aktuwal na sitwasyon, iniisip nila na magagawa nila ang ganito at ganoon, kaya wala ang Diyos sa puso nila, at ginagawa nila ito ayon sa sarili nilang kagustuhan. Angkop man o hindi ang kanilang ginagawa, o alinsunod man ito sa katotohanan o hindi, nagmamatigas lamang silang nagpapatuloy, at kumikilos ayon sa kanilang mga pansariling intensyon. Maaaring karaniwan ay waring nasa puso nila ang Diyos, ngunit kapag ginagawa nila ang mga bagay-bagay, wala ang Diyos sa kanilang puso. Sinasabi ng ilang tao, “Hindi ako mapapalapit sa Diyos sa mga bagay na ginagawa ko. Noong araw, nakasanayan kong magsagawa ng mga relihiyosong seremonya, at sinubukan kong mapalapít sa Diyos, ngunit hindi iyon nagkaroon ng epekto. Hindi ako mapalapit sa Kanya.” Wala ang Diyos sa puso ng ganitong mga tao; sarili lamang niya ang nasa puso nila, at hindi nila talaga maisagawa ang katotohanan sa anumang ginagawa nila. Ang hindi pagkilos alinsunod sa katotohanan ay nangangahulugan ng paggawa ng mga bagay-bagay ayon sa sarili nilang kalooban, at ang paggawa ng mga bagay-bagay ayon sa sarili nilang kalooban ay nangangahulugan ng pagtalikod sa Diyos; ibig sabihin, wala ang Diyos sa puso nila. Ang mga naiisip ng tao ay karaniwang maganda at matuwid sa tingin ng mga tao, at tila ang mga ito ay hindi gaanong lalabag sa katotohanan. Pakiramdam ng mga tao ang paggawa ng mga bagay-bagay sa ganoong paraan ay pagsasagawa ng katotohanan; sa palagay nila ang paggawa ng mga bagay-bagay sa paraang iyon ay magiging pagpapasakop sa Diyos. Sa totoo lang, hindi sila tunay na naghahanap sa Diyos o nananalangin sa Diyos tungkol dito, at hindi sila nagsusumikap na gawin ito nang mabuti alinsunod sa mga kinakailangan ng Diyos, upang bigyang-kasiyahan ang kalooban ng Diyos. Wala silang angking ganitong totoong kalagayan, ni wala silang ganoong hangarin. Ito ang pinakamalaking kamalian ng mga tao sa kanilang pagsasagawa. Naniniwala ka sa Diyos, nguni’t hindi mo iniingatan sa iyong puso ang Diyos. Paano ito hindi isang kasalanan? Hindi mo ba dinadaya ang iyong

sarili? Anong uri ng mga bunga ang nakukuha mo kung patuloy kang naniniwala sa ganyang paraan? Bukod pa riyan, paano naipapamalas ang kabuluhan ng paniniwala sa Diyos?

Hinango mula sa “Ang Paghahanap sa Kalooban ng Diyos ay Alang-alang sa Pagsasagawa ng Katotohanan” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Upang makagawa ng anumang bagay nang maayos, kinakailangang hanapin ang katotohanang prinsipyo. Dapat determinadong mag-isip ang isang tao kung papaano gawin ang isang bagay nang maayos habang ginagawa ito, at kinakailangang patahimikin ang sarili upang manalangin at maghanap sa harap ng Diyos. Bago gumawa ng isang bagay, kinakailangang makipagbahaginan sa iba, at kung walang iba na makakabahaginan, dapat pagnilayan ang bagay sa kanyang sarili, at hanapin at ipanalangin na ibigay ang paraan upang magawa nang maayos ang bagay na ito. Ganito ang pagpapatahimik ng sarili sa harapan ng Diyos. Hindi mo kailangang mag-isip ng wala upang manahimik sa harapan ng Diyos; dapat kumilos ka at magnilay-nilay kasabay nito, naghahanap ng angkop na paraan upang harapin ang bagay na ito na may gawi ng paghahanap at paghihintay sa iyong puso. Kung wala kang ni katiting na ideya tungkol sa bagay na ito, maghanap ka ng mapagtatanungan. Anong pag-uugali ang nararapat kapag tatanungin mo sila? Sa totoo lang, naghahanap at naghihintay ka dapat, nagmamasid kung paano gumagawa ang Diyos. Ang Banal na Espiritu ay hindi nagbibigay kaliwanagan at gumagabay sa iyo na para bang binubuksan Niya ang isang ilaw na tumatanglaw sa loob mo nang sabay-sabay. Ang Diyos ay walang pagsalang kinakasangkapan ang isang tao o isang kaganapan upang udyukan ang iyong pang-unawa. Maraming paraan ng paghahanap maliban sa matinding pagluhod upang manalangin at manatili roon ng ilang oras; ang paggawa nito ay nakakapagpaantala sa lahat ng iba pang bagay. Minsan, maaaring pag-isipan nang malalim ng isang tao ang isang usapin habang naglalakad; kung minsan, kapag may bumangong usapin, maaaring magmadali ang isang tao upang makipagbahaginan tungkol dito

bilang isang pangkat; minsan, maaaring maghanap ang isang tao sa Nakakataas; minsan, maaaring basahin ng isang tao ang mga salita ng Diyos nang mag-isa; minsan, kapag kailangan na kailangan na ang isang bagay, maaaring magmadaling pumunta sa lugar upang maunawaan ang realidad ng sitwasyon, at harapin muna ito batay sa mga prinsipyo na kasalukuyang naiintindihan mo, habang nananalangin at naghahanap sa iyong puso. Ito ang paraan kung paano ninyo dapat isagawa ang mga bagay-bagay—ang dalubhasang paraan! Hindi mainam na kabahan sa tuwing may bagay na mangyayari. Kailangan ninyong matutuhan ang ilang mga paraan ng paghahanap: Kung abala kayo sa tungkulin, maghanap nang ayon sa kung gaano kayo kaabala; kapag may oras kayo, maghanap at maghintay ayon sa mga sitwasyon ng pagkakaroon ng oras. May iba't ibang mga paraan. Kung may sapat na oras para maghintay, maghintay muna ng ilang sandali. Hindi maaaring magmadali pagdating sa malalaking bagay; hindi maikukonsidera ang mga ibubunga ng pagkakamali dahil sa pagmamadali. Upang makamtan ang mga pinakamainam na resulta, dapat maghintay, tinitingnan kung ano ang susunod na mangyayari, o kung hindi, mauudyukan ka ng isang taong may kaalaman sa sitwasyon. Lahat ng ito ay mga pamamaraan upang maghanap. Hindi gumagamit ang Diyos ng iisang pamamaraan upang bigyan ng kaliwanagan ang mga tao; ni binibigyan ka Niya ng kaliwanagan sa pamamagitan ng Kanyang mga salita lamang, ni itinutulot Niya na lagi kang patnubayan ng mga nasa paligid mo. Paano ka binibigyan ng Diyos ng kaliwanagan tungkol sa mga bagay na labas sa iyong kadalubhasaan, mga bagay na hindi mo pa kailanman naranasan? Kumakasangkapan Siya ng ilang mga tao, na nakakaintindi kung anong klase ng bagay ang kinakaharap mo. Nagmamadali kang hanapin sila, nakakakuha ka ng ilang payo mula sa kanila, at pagkatapos ay ginagawa mo ang bagay ayon sa mga prinsipyo, at gagabayan ka ng Diyos habang ginagawa mo ito. Nguni't dapat mong maunawaan ang tungkol sa mga propesyonal na kasanayan o kadalubhasaan na handang gamitin, at magkaroon ng ilang konsepto ukol dito; sa kinasasaligan nito bibigyan ka ng Diyos ng kaliwanagan tungkol sa

kung ano ang dapat mong gawin.

Hinango mula sa Pagbabahagi ng Diyos

Mahalagang hanapin ang katotohanan. Kung hinahanap mo ang katotohanan, ang makukuha mo ay tiyak na katotohanan; kung hindi mo hinahanap ang katotohanan, ngunit laging nagsasalita tungkol sa pagbibigay-katwiran ng tao, ang makukuha mo sa huli ay maling pagkaunawa sa Diyos. Ang mga ito ang dalawang landas. Patuloy kang nagtatawag ng atensyon sa iyong mga pagdadahilan, sinasabi mong, “Gumawa na ako at wala pa akong nagagawang anumang kasamaan, at ayos lang sa akin na hindi Mo pa ako pinupuri o binibigyan ng gantimpala, ngunit mahigpit ang pakikitungo Mo sa akin, at hinahatulan Mo ako at pinipino. Nasaan ang pag-ibig ng Diyos? Bakit hindi ko pa iyon nakikita? Sinasabi ng lahat na mahal ng Diyos ang mga tao, kaya bakit minamahal niya ang lahat maliban sa akin?” Lumalabas ang lahat ng iyong sama ng loob. Makakamit ba ng isang taong nasa ganyang kalagayan ang katotohanan? (Hindi.) Lumitaw ang isang suliranin sa pakikipag-ugnayan ng tao sa Diyos, at sa tuwing may lumilitaw na suliranin, hindi umaatras ang tao, o bumibitiw sa kanyang maling mga pag-iisip at pananaw, mga kamalian, o mga may kinikilingang paraan ng pag-iisip, pero sa halip ay iginigiit ang pagsalungat sa Diyos. Makapagbubunga lamang ito ng pag-iwan sa iyo ng Diyos at ng iyong pag-iwan sa Diyos. Puno ka ng sama ng loob sa Diyos; itinatanggi mo ang kanyang kataas-taasang kapangyarihan at hinahatulan ito, hindi ka handang pasakop dito, at hindi ka handang sumang-ayon sa kanyang mga kaayusan. Higit pang malubha, itatanggi mo na tama ang Diyos, na Siya ang katotohanan—ito ang kahihinatnan. Subalit kung hahanapin mo ang katotohanan, hindi mo lamang mapatutunayan na ang Diyos na pinaniniwalaan mo ay ang katotohanan, daan, buhay, at pag-ibig, kundi mapagtitibay mo rin na ang ginagawa ng Diyos ay tama, na Siya ay tama sa pagpipino sa mga tao. Dahil mayroong tiwaling disposisyon ang tao, at ang lahat ng gawain at asal niya at lahat ng mga ibinubunyag niya ay salungat sa Diyos, hindi siya karapat-dapat sa

pagmamahal ng Diyos. Subalit, mayroon pa ring ganitong pagmamalasakit at pag-aalala ang Diyos para sa tao, at inaayos Niya ang isang kapaligiran para sa tao kung saan siya personal na susubukin at pipinuhin na nagbibigay sa kanya ng kakayahang magbago; pinahihintulutan Niya ang tao, sa pamamagitan ng kanyang kapaligiran, na taglayin ang katotohanan, at makamit ang katotohanan. Mahal na mahal ng Diyos ang tao, nang may pag-ibig na tunay na tunay, at ang Diyos ay wala nang iba pa kundi matapat. Madarama mo iyon. Kung hindi ginawa ng Diyos ang mga bagay na ito, walang makapagsasabi kung gaano katindi ang pagkabagsak ng tao! Sinusubukan ng tao na pamahalaan ang sarili niyang katayuan, ang sarili niyang katanyagan at mabuting kapalaran, at, sa huli, pagkatapos magawa ang lahat ng mga bagay na ito, nahahalina niya ang iba sa kanyang panig at dinadala sila sa harap niya—hindi ba ito pagsalungat sa Diyos? Ang kahihinatnan ng pagpapatuloy sa ganitong daan ay 'di kaaya-ayang isipin! Mahusay na ginagawa ng Diyos ang Kanyang gawain, pinatitigil ang lahat ng ito kaagad! Bagamat ang ginagawa ng Diyos ay naglalantad at humahatol sa tao, inililigtas din siya nito. Tunay na pagmamahal ito. Kapag napagtanto mo ito para sa iyong sarili, hindi mo ba makukuha ang aspektong ito ng katotohanan? Kapag napagtanto na ito ng tao para sa kanyang sarili at sumapit sa pag-unawang ito, at kapag naunawaan na nila ang mga katotohanang ito, nakadarama pa rin ba sila ng sama ng loob sa Diyos? Hindi—wala na ito, at, nang may buong debosyon, dahil lubos na nahikayat, nagpapasakop sila sa mga pagsasaayos at paghahanda ng Diyos. Sa susunod na humarap sila sa isang sitwasyong tulad nito, mapagtatanto nilang ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay tama at ang ginagawa ng tao ay tiyak na mali, at na ang tao ay mapaghimagsik, ngunit hindi taglay ang katotohanan. Agad-agad, sila ay magpapasiyang magpasakop. Iyong mga makakatamo nito ay sasailalim sa maraming ulit na pagpipino upang dumating sa ganitong punto.

Hinango mula sa "Ang Pinakamahalagang Bahagi ng Paniniwala sa Diyos ay ang Pagsasagawa ng Katotohanan" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Dapat mong hanapin ang kalooban ng Diyos sa lahat ng bagay, at dapat mong hanapin ang katotohanan sa lahat ng bagay. Halimbawa: Paano hahanapin ang katotohanan sa mga bagay katulad ng pagkain, damit, at mga personal na bagay? May mga katotohanan bang hahanapin sa mga bagay na ito? Sinasabi ng ilan na, “Kahit ano pang sabihin, isang mabuting bagay na kumain nang mabuti at manamit nang maayos; ang pagkain at pananamit nang di-maayos ay makapagdudulot sa tao na mapag-iwanan.” May katotohanan ba sa ganitong pananaw? Lubhang mahalaga ba na kumain mabuti at manamit nang maayos sa buhay? Hinding-hindi. Kung titingnan sa isa pang anggulo, kung tunay na nagawa ng isang tao na makilala ang Diyos at mataglay ang katotohanan, sa lahat ng bagay na gagawin ng taong iyon, nagpapatotoo siya sa Diyos at binibigyang-lugod ang Diyos. Kahit gaano pa wala sa ayos kumain o manamit ang ganoong tao, may saysay pa rin sa kanyang pamumuhay, at makakamit niya ang pagsang-ayon ng Diyos—hindi ba iyon ang pinakamakabuluhang bagay? Kahit ano pang uri ng damit ang isuot ng isang tao, hindi ito ang lubhang mahalaga; ang pagsusuot ng magagandang damit ay hindi garantiya na pagpapalain ka. Masusumpa ka pa rin kung tatahakin mo ang maling landas, samantalang ang taong nakasuot ng nanlilimahid na damit ngunit nakamit naman ang katotohanan ay pagpapalain ng Diyos nang ganoon din naman. Samakatuwid, may katotohanan sa paghanap ng kung paano mo dapat tingnan ang mga bagay ukol sa pagkain at pananamit, at lalong may katotohanan sa paghanap ng kung paano mo dapat itrato ang pagtupad mo ng iyong tungkulin. Isang napakaseryosong bagay ang kung paano mo pinapahalagahan ang mga tagubilin ng Diyos! Kung hindi mo kayang kumpletuhin kung ano ang ipinagkatiwala ng Diyos sa iyo, hindi ka angkop na mamuhay sa Kanyang presensya at dapat kang parusahan. Ito ay may basbas ng Langit at kinikilala ng lupa na dapat kumpletuhin ng mga tao ang anumang komisyon na ipinagkakatiwala ng Diyos sa kanila; ito ang kanilang pinakamataas na responsibilidad, at kasinghalaga nito ang kanila mismong mga buhay. Kung hindi mo sineseryoso ang mga tagubilin ng

Diyos, nagtataksil ka sa Kanya sa pinakamalalang paraan; sa ganito, mas kahabag-habag ka pa kaysa kay Judas, at dapat na sumpain. Dapat matamo ng mga tao ang lubos na pagkaunawa sa kung paano titingnan ang ipinagkakatiwala ng Diyos sa kanila at, kahit papaano, dapat maunawaan na ang mga tagubiling ipinagkakatiwala Niya sa sangkatauhan ay mga pagpupuri at natatanging pabor mula sa Diyos; ang mga ito ay mga pinakamaluwalhating bagay. Ang iba pang mga bagay ay maaari nang iwanan; kahit na kailangang isakripisyo ng isang tao ang kanyang sariling buhay, dapat pa rin niyang tuparin ang tagubilin ng Diyos. Wala bang katotohanan na dapat hanapin dito? Ang pagtatamo ng pagbabago sa iyong disposisyon ay nakatali sa paghahanap ng katotohanan! Kung nauunawaan mo ang katotohanan kung bakit nabubuhay ang mga tao, at kung paano dapat tingnan ang buhay, hindi ba magbabago ang iyong pananaw sa buhay? Higit pa rito, may katotohanan na hahanapin dito. Anu-anong mga katotohanan ang naroroon sa pagmamahal sa Diyos? Bakit dapat Siyang mahalin ng mga tao? Ano ang kahalagahan ng pagmamahal sa Kanya? Kung may malinaw na pagkaunawa ang tao sa katotohanan ng pagmamahal sa Diyos, magagawa mo Siyang mahalin nang lubos—kahit pa kakaunti ang pagmamahal ng taong iyon sa Diyos sa kanyang puso—mayroon siyang tunay na buhay at kabilang sa mga lubos na pinagpala. Ang mga humahanap sa katotohanan sa lahat ng bagay ay siyang mga pinakamabilis umasenso sa buhay, at nagagawa nilang makamit ang pagbabago ng disposisyon. Ang mga taong iyon mismo na naghahanap ng katotohanan sa lahat ng bagay ang siyang iniibig ng Diyos. Kung nakasalalay ang isang tao sa mga kuro-kuro at doktrina o sumusunod sa mga alituntunin sa lahat ng bagay, hindi siya aasenso; hindi niya kailanman matatamo ang katotohanan, at sa malaon o madali, aalisin siya, at pinakakinasusuklaman ng Diyos ang ganitong uri ng tao.

Hinango mula sa “Paano Malalaman ang Kalikasan ng Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

25. Ang mga Prinsipyo ng Pagsasagawa sa Katotohanan

(1) Kinakailangang may batayan sa mga salita ng Diyos ang pagkaunawa sa katotohanan, at, sa pagsasagawa ng katotohanan, dapat matukoy ng isang tao ang mga prinsipyo ng pagsasagawa, kaysa sa pagkopya at pagsunod sa mga regulasyon;

(2) Tiyak na mapagpasakop sa Diyos at sa katotohanan ang mga prinsipyo ng pagsasagawa sa katotohanan, at kapaki-pakinabang ang mga ito sa gawain ng iglesia at sa pagpasok ng tao sa buhay;

(3) Hindi sapat para sa isang tao na kumpirmahin sa kanilang sarili na may kapayapaan sila sa kanilang kaluluwa sa kanilang pagsasagawa ng katotohanan; dapat may iba pang tao na nakauunawa sa katotohanan ang makapagpatunay, at nakasisiguro sa katumpakan nito.

(4) Tuparin ang iyong tungkulin batay sa mga hinihingi ng mga salita ng Diyos at ng gawaing pagsasaayos mula sa Nakatataas, at magpasakop sa kaliwanagan at patnubay ng Banal na Espiritu sa kalooban. Ito, rin, ay pagsasagawa ng katotohanan;

(5) Ang pagsasagawa ng katotohanan ay hindi lamang umaakay sa isang tao tungo sa realidad, kundi makapagtutuwid din ito sa iba. Ito lamang ang tunay na patotoo ng karanasan sa buhay.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang katotohanan na kailangang taglayin ng tao ay matatagpuan sa salita ng Diyos, at isang katotohanan ito na lubhang kapaki-pakinabang at nakakatulong sa sangkatauhan. Ito ang pampalakas at panustos na kailangan ng inyong katawan, isang bagay na tumutulong sa panunumbalik ng normal na pagkatao ng tao. Ito ay isang katotohanan na dapat taglayin ng tao. Habang lalo ninyong isinasagawa ang salita ng Diyos, lalong bumibilis ang pamumukadkad ng inyong buhay, at lalong lumilinaw ang katotohanan. Habang lumalago ang inyong tayog, makikita ninyo nang mas malinaw ang mga bagay ng espirituwal na mundo, at lalo kayong lalakas upang magtagumpay laban kay Satanas. Karamihan sa katotohanang hindi ninyo nauunawaan ay lilinaw kapag isinasagawa ninyo ang salita ng Diyos. Karamihan sa mga tao ay nasisiyahan na maunawaan lamang ang teksto ng salita ng Diyos at magtuon sa pagsasangkap sa kanilang sarili ng mga

doktrina sa halip na palalimin ang kanilang karanasan sa pagsasagawa, ngunit hindi ba iyon ang paraan ng mga Fariseo? Kaya paano magiging totoo ang pariralang “Ang salita ng Diyos ay buhay” para sa kanila? Hindi makalalago ang buhay ng isang tao sa pagbabasa lamang ng salita ng Diyos, kundi kapag isinasagawa lamang niya ang salita ng Diyos. Kung ang paniniwala mo ay na ang pag-unawa lamang sa salita ng Diyos ang kailangan upang magkaroon ng buhay at tayog, baliko ang pang-unawa mo. Nangyayari ang tunay na pagkaunawa sa salita ng Diyos kapag isinasagawa mo ang katotohanan, at kailangan mong maunawaan na “sa pagsasagawa lamang ng katotohanan ito maaaring maunawaan.” Sa araw na ito, matapos basahin ang salita ng Diyos, masasabi mo lamang na alam mo ang salita ng Diyos, ngunit hindi mo masasabi na nauunawaan mo ito. Sinasabi ng ilan na ang tanging paraan para maisagawa ang katotohanan ay ang unawain muna ito, ngunit medyo tama lamang ito, at walang dudang hindi ganap na tumpak. Bago ka magkaroon ng kaalaman tungkol sa isang katotohanan, hindi mo pa nararanasan ang katotohanang iyon. Ang pakiramdam na nauunawaan mo ang isang bagay na naririnig mo sa isang sermon ay hindi tunay na pagkaunawa—pagtataglay lamang ito ng literal na mga salita ng katotohanan, at hindi kagaya ng pagkaunawa sa tunay na kahulugan niyon. Hindi dahil mayroon kang malalim na kaalaman tungkol sa katotohanan ay talagang nauunawaan mo na iyon o may kaalaman ka na tungkol doon; ang tunay na kahulugan ng katotohanan ay nanggagaling mula sa pagdanas nito. Samakatuwid, kapag naranasan mo na ang katotohanan, saka mo lamang ito mauunawaan, at saka mo lamang mauunawaan ang mga natatagong bahagi nito. Ang pagpapalalim ng iyong karanasan ang tanging paraan upang maunawaan ang mga natatagong kahulugan at ang diwa ng katotohanan. Samakatuwid, makakapunta ka kahit saan na dala ang katotohanan, ngunit kung wala ang katotohanan sa iyo, huwag mong isiping kumbinsihin kahit ang iyong mga kapamilya, lalo na ang mga relihiyosong tao. Kung wala sa iyo ang katotohanan, para kang lilipad-lipad na niyebe, ngunit kapag nasa iyo ang katotohanan maaari kang maging masaya at malaya, at walang maaaring umatake sa iyo. Gaano

man katibay ang isang teorya, hindi nito madaraig ang katotohanan. Kung mayroong katotohanan, ang mundo mismo ay maaaring yanigin at ang mga bundok at dagat ay maaaring ilipat, samantalang kung walang katotohanan ay maaaring durugin ng mga uod ang matitibay na pader ng lungsod. Ito ay isang malinaw na katotohanan.

Hinango mula sa “Sa Sandaling Maunawaan Ninyo ang Katotohanan, Dapat Ninyo Itong Isagawa” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang layunin ng malinaw na pagbabahagi tungkol sa katotohanan ay bigyang-kakayahan ang mga tao na isagawa ang katotohanan at baguhin ang kanilang mga disposisyon; hindi lamang para ipaunawa iyon sa kanila. Kung nauunawaan mo ang katotohanan ngunit hindi mo ito isinasagawa, mawawalan na ng anumang kabuluhan ang pagbabahagi tungkol dito at ang iyong pag-unawa rito. Kung nauunawaan mo ang katotohanan ngunit hindi ito isinasagawa, mawawala sa iyo ang pagkakataong matamo ito, gayundin ang anumang pagkakataong maligtas. Kung naisasagawa mo ang katotohanang nauunawaan mo, magtatamo ka ng mas marami at mas malalalim na katotohanan; makakamit mo ang pagliligtas ng Diyos, gayundin ang kaliwanagan, pagpapalinaw, at patnubay ng Banal na Espiritu. Marami ang nakapagrereklamo lamang na hindi sila nililiwanagan ng Banal na Espiritu kailanman, nang hindi natatanto na sadyang hindi nila isinasagawa ang katotohanan. Samakatuwid, hindi magiging normal ang kanilang mga kalagayan, ni hindi nila mauunawaan ang kalooban ng Diyos kailanman.

Sinasabi ng ilang tao na hindi malulutas ng pagsasagawa ng katotohanan ang kanilang mga problema. Naniniwala ang iba na hindi lubos na malulutas ng katotohanan ang tiwaling disposisyon ng isang tao. Ang katunayan ay na maaaring malutas ang lahat ng problema ng mga tao; ang susi ay kung makakakilos sila alinsunod sa katotohanan o hindi. Ang mga kamaliang kasalukuyang nagpapahirap sa inyo ay hindi kanser o mga sakit na hindi mapagaling. Kung maisasagawa ninyo ang katotohanan, maaaring baguhing lahat ang mga kamaliang iyon, depende sa kung

makakakilos ka alinsunod sa katotohanan. Kung tumatahak ka sa landas ng patuloy na pagtataguyod ng katotohanan, magiging matagumpay ka; gayunman, kung ikaw ay nasa maling landas, mapapahamak ka. Halimbawa, ginagawa ng ilang tao ang kanilang gawain nang hindi iniisip kailanman kung paano nila magagawa ang mga bagay-bagay sa isang paraan na nakakabuti sa gawain ng tahanan ng Diyos o kung ang kanilang mga pamamaraan ng paggawa ng mga bagay-bagay ay naaayon sa kalooban ng Diyos; dahil dito, marami silang ginagawa na kinamumuhian Niya. Kung kikilos sila ayon sa katotohanan sa lahat ng kanilang ginawa, hindi ba sila kung gayon magiging mga tao na ang buhay ay naaayon sa puso ng Diyos? Alam ng ilang tao ang katotohanan ngunit hindi ito isinasagawa, naniniwala na ang katotohanan ay isang bagay lamang at wala nang iba. Naniniwala sila na hindi nito malilinis ang sarili nilang kalooban at malulutas ang kanilang katiwalian. Hindi ba katawa-tawa ang ganitong klaseng tao? Hindi ba kakatwa ang ganitong mga tao? Iniisip ba nilang matatalino sila? Kung kumikilos ang mga tao ayon sa katotohanan, magbabago ang kanilang mga tiwaling disposisyon; gayunman, kung ibabatay nila ang kanilang pananampalataya at paglilingkod sa Diyos sa kanilang natural na personalidad, walang sinuman sa kanila ang magtatagumpay sa pagbabago ng kanilang mga disposisyon. Nagiging abala ang ilang tao sa sarili nilang mga alalahanin sa buong maghapon, samantalang bigo silang siyasatin o isagawa ang katotohanang madaling makuha. Lubhang kakatwa ang ganitong paraan ng pagsasagawa; likas na nagdurusa ang gayong mga tao, dahil mayroon silang mga pagpapala ngunit hindi sila nasisiyahan sa mga iyon! Naroon ang landas pasulong; ang kailangan mo lamang gawin ay isagawa iyon. Kung napagpasiyahan mong isagawa ang katotohanan, maaaring magbago ang iyong mga kahinaan at nakamamatay na mga pagkakamali. Gayunman, dapat kang maging maingat at mahinahon palagi at magdanas ng iba pang mga paghihirap. Ang paniniwala sa Diyos ay nangangailangan ng kahinahunan. Maaari ka bang maniwala sa Diyos nang maayos kung ang kinakandili mo ay gayong kaswal na pagkilos?

Hinango mula sa “Yaong mga Nagmamahal sa Katotohanan ay May Landas Pasulong” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ano ang pinakamahalagang bagay sa pagsasabuhay ng katotohanan? Hindi ba dapat mo munang maunawaan ang mga prinsipyo? Ano ang mga prinsipyo? Ang mga prinsipyo ay ang praktikal na bahagi ng katotohanan. Kapag binas mo ang isang pangungusap ng mga salita ng Diyos, iniisip mong iyon ang katotohanan, ngunit hindi mo nauunawaan ang mga prinsipyo sa loob nito; pakiramdam mong tama ang pangungusap, ngunit hindi mo alam kung sa anong paraan ito praktikal, o kung anong kalagayan ang ibig nitong tugunan. Hindi mo naunawaan ang mga prinsipyo nito o ang landas ng pagsasagawa. Sa iyo, ang katotohanang ito na iyong nakikita ay doktrina lamang. Gayunpaman, sa sandaling maunawaan mo ang katotohanang realidad ng pangungusap na iyon, pati na rin kung ano ang mga hinihiling ng Diyos—kung tunay mong nauunawaan mo ang mga bagay na ito, at nagagawang pagbayaran ang halaga at isagawa ang mga ito—kung gayon ay makakamit mo ang katotohanang iyon. Sa pagkamit mo sa katotohanang iyon, unti-unti, ang tiwali mong disposisyon ay nalulutas, at ang katotohanang iyon ay nabubuo sa iyo. Kapag nagawa mong mailagay ang realidad ng katotohanan sa pagsasagawa, at kapag ang pagganap mo ng iyong tungkulin, ang bawat kilos mo, at ang pag-uugali mo bilang isang tao ay nakabatay sa mga alituntunin ng pagsasagawa ng katotohanang ito, hindi ka ba nagbago kung gayon? Higit sa lahat, ikaw ay naging isang taong nagtataglay ng katotohanang realidad. Hindi ba kapareho ng isang taong nagtataglay ng katotohanang realidad ang isang kumikilos na may mga prinsipyo? At hindi ba kapareho ng taong kumikilos na may mga prinsipyo ang taong nagtataglay ng katotohanan? Hindi rin ba makakasunod sa kalooban ng Diyos ang taong nagmamay-ari ng katotohanan ay? Ganoon ang pagkakaugnay ng mga bagay na ito.

Hinango mula sa Pagbabahagi ng Diyos

Gaano karaming kaugaliang pangrelihiyon ang sinusunod mo? Ilang beses ka na bang naghimagsik laban sa salita ng Diyos at pinili ang iyong

sariling landas? Ilang beses mo na bang naisagawa ang salita ng Diyos dahil tunay mong isinasaalang-alang ang Kanyang mga pasanin at hinahangad mong bigyang-lugod ang Kanyang kalooban? Dapat mong maunawaan ang salita ng Diyos at isagawa ito nang naaayon. Maging maprinsipyo sa lahat ng iyong kilos at gawa, bagama't hindi ito nangangahulugan na sumunod sa mga patakaran o gumawa ng isang bagay nang labag sa kalooban bilang isa lamang palabas; bagkus, ito ay nangangahulugan na isagawa ang katotohanan at mamuhay ayon sa salita ng Diyos. Tanging ang pagsasagawa na tulad nito ang nakalulugod sa Diyos. Ang anumang pagkilos na nakalulugod sa Diyos ay hindi isang patakaran, kundi isang pagsasagawa ng katotohanan. May pagkahilig ang ilang tao sa pag-akit ng pansin sa kanilang mga sarili. Sa piling ng kanilang mga kapatid, maaari nilang sabihin na may utang na loob sila sa Diyos, ngunit kapag nakatalikod sila, hindi nila isinasagawa ang katotohanan at ganap na iba ang kanilang ikinikilos. Hindi ba sila mga relihiyosong Fariseo? Ang isang taong tunay na nagmamahal sa Diyos at nagtataglay ng katotohanan ay taong matapat sa Diyos ngunit hindi ito ipinagpapasikat. Ang ganitong tao ay nakahandang isagawa ang katotohanan kapag kinakailangan ng sitwasyon at hindi nagsasalita o kumikilos sa paraang labag sa kanyang konsensya. Nagpapakita siya ng karunungan kapag kinakailangan ng mga bagay-bagay at may prinsipyo siya sa kanyang mga gawa anuman ang kalagayan. Ang taong tulad nito ay kayang tunay na maglingkod. May ilan namang madalas na hanggang salita lamang pagdating sa pagkakautang nila sa Diyos; ginugugol nila ang kanilang mga araw na nakakunot ang noo sa pag-aalala, na nagbabalatkayo, at nagkukunwaring kahabag-habag. Talagang kasuklam-suklam! Kung tatanungin mo sila, "Maaari bang sabihin mo sa akin kung paano ka may utang na loob sa Diyos?" wala silang maisasagot. Kung ikaw ay matapat sa Diyos, huwag mong ipagsabi iyon; bagkus, gamitin mo ang aktwal na pagsasagawa upang ipakita ang iyong pagmamahal sa Diyos, at manalangin ka sa Kanya nang may tapat na puso. Mga mapagpaimbabaw ang lahat ng gumagamit lamang ng salita upang pakitunguhan ang Diyos

at gumagawa para lang masabing may nagawa!

Hinango mula sa “Sa Pananampalataya, Kailangang Magtuon ang Isang Tao sa Realidad—Ang Pagsali sa mga Pangrelihiyong Ritwal ay Hindi Pananampalataya” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Maraming tao na may ilang pag-uugaling ipinapakita, tulad ng pagsasantabi sa pamilya at trabaho at pagganap ng kanilang mga tungkulin, na dahil dito naniniwala silang isinasagawa nila ang katotohanan. Gayunpaman, hindi kinikilala ng Diyos na sila ay nagsasagawa ng katotohanan. Kapag ang mga ginagawa mo ay may personal na motibo at hindi puro, hindi mo isinasagawa ang katotohanan; nagpapakita ka lamang nang mababaw na pag-uugali. Ang totoo, malamang na isumpa ng Diyos ang ganitong klaseng pag-uugali; hindi Niya ito pupurihin o maaalala. Kung mas susuriin pa ito, gumagawa ka ng masama at ang pag-uugali mo ay laban sa Diyos. Kung titingnan mula sa labas, hindi ka nakagagambala sa anumang bagay at hindi ka nakagawa ng totoong pinsala o nakalabag ng anumang katotohanan. Mukhang makatwiran at makatarungan iyon, subalit ang diwa ng iyong mga kilos ay patungkol sa paggawa ng kasamaan at paglaban sa Diyos. Samakatuwid ay dapat kang magpasiya kung mayroon nang pagbabago sa iyong disposisyon at kung isinasagawa mo ang katotohanan sa pagtingin sa mga motibo sa likod ng iyong mga kilos ayon sa mga salita ng Diyos. Hindi iyon nakasalalay sa pananaw ng tao kung ang mga kilos mo ba ay base sa imahinasyon at intensyon ng tao, o kung ito ba ay angkop sa iyong panlasa; ang mga bagay na ito ay hindi mahalaga. Bagkus, nakadepende iyon sa pagsasabi ng Diyos kung sumusunod ka o hindi sa Kanyang kalooban, kung ang iyong mga kilos ay mayroong katotohanang realidad o wala, at kung tumutugon ang mga ito o hindi sa Kanyang mga hinihiling at pamantayan. Ang pagsukat lamang ng iyong sarili ayon sa mga hinihiling ng Diyos ang tama. Ang pagbabago sa disposisyon at pagsasagawa ng katotohanan ay hindi kasingpayak at kasindali ng inaakala ng tao. Nauunawaan mo na ba ito ngayon? May karanasan ka ba rito? Pagdating

sa diwa ng isang suliranin, maaaring hindi ninyo ito maunawaan; labis na mababaw ang inyong pagpasok. Paroo't parito kayo sa maghapon, mula bukang-liwayway hanggang takipsilim, bumabangon nang maaga at natutulog nang gabing-gabi na, subalit hindi pa ninyo nakakamit ang pagbabago sa inyong disposisyon sa buhay, at hindi ninyo maintindihan kung ano ang kailangan sa gayong pagbabago. Ibig sabihin ay napakababaw ng inyong pagpasok, hindi ba? Gaano katagal man kayo naniniwala sa Diyos, maaaring hindi ninyo madama ang diwa at malalalim na bagay na gagawin sa pagkakamit ng pagbabago sa disposisyon. Masasabi bang nagbago na ang iyong disposisyon? Paano ninyo malalaman kung pinupuri kayo ng Diyos o hindi? Kahit paano, madarama mo ang natatanging katatagan hinggil sa lahat ng iyong ginagawa, at madarama mo na ginagabayan at nililiwanagan ka ng Banal na Espiritu at gumagawa Siya sa iyo habang ginagampanan mo ang iyong mga tungkulin, ginagawa ang anumang gawain sa tahanan ng Diyos, o karaniwan. Ganap na aakma sa mga salita ng Diyos ang iyong pag-uugali, at kapag nagtamo ka na ng ilang antas ng karanasan, madarama mo na naangkop kahit papaano kung paano ka kumilos noong araw. Gayunman, kung makaraang magtamo ng karanasan sa loob ng ilang panahon, nadarama mo na hindi angkop ang ilan sa mga bagay na ginawa mo noong araw, at hindi ka nasisiyahan sa mga iyon, at nadarama mo na talagang walang katotohanan sa mga bagay na iyong ginawa, pinatutunayan nito, kung gayon, na ang lahat ng iyong nagawa ay ginawa bilang paglaban sa Diyos. Katunayan ito na ang iyong paglilingkod ay puno ng pagkasuwail, paglaban, at mga paraan ng pagkilos ng tao.

Hinango mula sa "Ang Dapat Malaman Tungkol sa Pagbabago ng Disposisyon ng Isang Tao" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ano ba talaga ang pamantayan sa pagsasagawa ng katotohanan? Paano sinusukat at inilalarawan kung isinasagawa mo ang katotohanan? Paano tinutukoy ng Diyos kung isa kang taong tumatanggap sa Kanyang mga salita matapos marinig ang mga iyon? Tinitingnan Niya, sa panahon

na naniwala ka sa Kanya at nakinig sa mga sermon, kung nagkaroon na ng anumang pagbabago sa iyong kalooban, sa iyong pagsuway sa Kanya, at sa kakanyahan ng iba't ibang aspeto ng iyong tiwaling disposisyon. Tinitingnan Niya kung napalitan mo na ng katotohanan ang mga iyon, at kung nagbago na ang iyong pag-uugali at kilos o ang kakanyahan ng iyong tiwaling disposisyon sa kaibuturan ng iyong puso. Sinusukat ka ng Diyos ayon sa mga bagay na ito. Dahil nakinig ka na sa mga sermon at nakakain at nakainom ng mga salita ng Diyos sa mga taong nagdaan, paimbabaw lamang ba, o mahalaga, ang iyong mga pagbabago? Nagkaroon na ba ng mga pagbabago sa iyong disposisyon? Nagkaroon na ba ng mga pagbabago sa iyong mga maling pagkaunawa tungkol sa Diyos, sa iyong pagsuway sa Diyos, at sa kung paano mo inuunawa ang mga tagubilin at tungkuling ipinagkakatiwala sa iyo ng Diyos? Nabawasan na ba ang iyong pagsuway sa Diyos? Kapag may nangyari at nabunyag na masuwayin ka, nagagawa mo bang magbulay-bulay tungkol sa iyong sarili? Kaya mo bang sumunod? Naging mas matapat ka na ba sa mga tagubilin at tungkuling ipinagkakatiwala sa iyo ng Diyos, at dalisay ba ang katapatang ito? Noong nakikinig ka sa mga sermon, nalinis na ba ang iyong mga motibo, ambisyon, hangarin, at layon? Hindi ba mga pamantayan ito sa pagsukat? At nariyan din ang iyong mga maling pagkaunawa tungkol sa Diyos: Kumakapit ka pa rin ba sa iyong orihinal na mga palagay, malalabo at mahirap unawaing imahinasyon, at mga konklusyon? Mayroon ka pa bang mga reklamo at iba pang negatibong damdamin? Nagkaroon na ba ng mga pagbabago patungkol sa mga bagay na ito? Kung wala pang pagbabago sa mga aspetong ito, anong klase kang tao? Iisa ang pinatutunayan niyan: Hindi ka isang taong nagsasagawa ng katotohanan.

Hinango mula sa "Sa Pagsasagawa Lamang ng mga Salita ng Diyos Nagkakaroon ng Mga Pagbabago sa Disposisyon" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sa kaibuturan nito, ang inyong mithiin ay ang hayaang magkabisa ang salita ng Diyos sa inyong kalooban. Sa madaling salita, ito ay ang magkaroon ng isang tunay na pagkaunawa sa salita ng Diyos sa inyong

pagsasagawa nito. Marahil ay wala kayong gaanong kakayahang unawain ang salita ng Diyos, ngunit kapag isinasagawa ninyo ang salita ng Diyos, maaari Niyang punan ang kakulangang ito, kaya hindi lamang ninyo kailangang malaman ang maraming katotohanan, kundi kailangan din ninyong isagawa ang mga ito. Ito ang pinakadakilang pagtutuon na hindi maaaring balewalain. Tiniis ni Jesus ang maraming kahihiyan at pagdurusa sa Kanyang tatlumpu't tatlong kalahating taon. Nagdusa Siya nang labis dahil lamang sa isinagawa Niya ang katotohanan, ginawa ang kalooban ng Diyos sa lahat ng bagay, at nagmalasakit lamang sa kalooban ng Diyos. Ito ay pagdurusang hindi sana Niya dinanas kung nalaman Niya ang katotohanan nang hindi iyon isinasagawa. Kung sinunod ni Jesus ang mga turo ng mga Judio at sinunod ang mga Fariseo, hindi sana Siya nagdusa. Matututuhan mo mula sa mga gawa ni Jesus na ang bisa ng gawain ng Diyos sa tao ay nagmumula sa pakikipagtulungan ng tao, at ito ay isang bagay na kailangan ninyong kilalanin. Nagdusa kaya si Jesus na tulad ng dinanas Niya sa krus kung hindi Niya isinagawa ang katotohanan? Nanalangin kaya Siya ng napakalungkot na panalangin kung hindi Siya kumilos alinsunod sa kalooban ng Diyos? Samakatuwid, dapat kayong magdusa alang-alang sa pagsasagawa ng katotohanan; ito ang uri ng pagdurusang dapat danasin ng isang tao.

Hinango mula sa "Sa Sandaling Maunawaan Ninyo ang Katotohanan, Dapat Ninyo Itong Isagawa" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Magmula nang maniwala ang mga tao sa Diyos, nagkimkim na sila ng maraming maling intensyon. Kapag hindi mo isinasagawa ang katotohanan, nararamdaman mong lahat ng iyong layunin ay tama, ngunit kapag may nangyari sa iyo, makikita mong maraming maling intensyon sa kalooban mo. Kaya, kapag ginagawang perpekto ng Diyos ang mga tao, sinasanhi Niya na matanto nila na maraming kuro-kuro sa kanilang kalooban na humahadlang sa kanilang pagkakilala sa Diyos. Kapag natatanto mong mali ang iyong mga intensyon, kung nagagawa mong itigil ang pagsasagawa ayon sa iyong mga kuro-kuro at intensyon, at nagagawa

mong magpatotoo sa Diyos at panindigan ang iyong posisyon sa lahat ng nangyayari sa iyo, nagpapatunay ito na nalabanan mo na ang laman. Kapag nilalabanan mo ang laman, tiyak na magkakaroon ng isang labanan sa iyong kalooban. Susubukang himukin ni Satanas ang mga tao na sundin ito, susubukan sila nitong utusan na sundin ang mga kuro-kuro ng laman at panindigan ang mga interes ng laman—ngunit liliwanagan at paliliwanagin ng mga salita ng Diyos ang kalooban ng mga tao, at sa oras na ito ay nasa iyo na kung susundin mo ang Diyos o susundin si Satanas. Pangunahing hinihingi ng Diyos sa mga tao na isagawa ang katotohanan upang pakitunguhan ang mga bagay na nasa kalooban nila, upang pakitunguhan ang kanilang mga kaisipan at mga kuro-kuro na hindi kaayon ng puso ng Diyos. Pinupukaw ng Banal na Espiritu ang mga tao sa kanilang puso, at nililiwanagan at pinaliliwanag sila. Kaya sa likod ng lahat ng bagay na nangyayari ay isang labanan: Tuwing isinasagawa ng mga tao ang katotohanan, o isinasagawa ang pag-ibig sa Diyos, mayroong isang malaking labanan, at bagama't maaaring mukhang maayos ang lahat sa kanilang laman, sa kaibuturan ng kanilang mga puso, sa katunayan ay nagpapatuloy ang isang labanan sa pagitan ng buhay at kamatayan—at matapos lamang ng matinding labanang ito, matapos ang napakaraming pagmumuni-muni, saka mapagpapasyahan ang tagumpay o pagkatalo. Hindi alam ng isang tao kung tatawa o hihikbi. Dahil marami sa mga intensyon na nasa kalooban ng mga tao ang mali, o kaya'y dahil marami sa gawain ng Diyos ang taliwas sa kanilang mga kuro-kuro, kapag isinagawa ng mga tao ang katotohanan, isang malaking labanan ang nagaganap sa likod ng mga eksena. Matapos maisagawa ang katotohanang ito, sa likod ng mga eksena, hindi na mabilang ang mga patak ng luhang ibinuhos ng mga tao dahil sa kalungkutan bago nila tuluyang napagpasyahan na bigyang-kasiyahan ang Diyos. Dahil sa labanang ito kung kaya't dumaranas ang mga tao ng paghihirap at pagdadalisay; ito ay totoong pagdurusa. Kapag nangyari sa iyo ang labanan, kung magagawa mong tunay na pumanig sa Diyos, magagawa mong bigyan ng kasiyahan ang Diyos. Habang isinasagawa ang katotohanan, tiyak na magdurusa ang

kalooban ng isang tao; kung, kapag isinagawa nila ang katotohanan, ang lahat ng nasa kalooban ng mga tao ay tama, hindi na sila kailangan pang gawing perpekto ng Diyos, at hindi magkakaroon ng labanan, at hindi sila magdurusa. Dahil maraming bagay sa kalooban ng tao ang hindi akmang gamitin ng Diyos, at dahil maraming mapanghimagsik na disposisyon ng laman, kung kaya't kailangang mas malalim na matutuhan ng tao ang aral ng paglaban sa laman. Ito ang tinatawag ng Diyos na paghihirap na Kanyang hiningi sa tao na pagdaanan kasama Niya. Kapag nakakaranas ka ng mga paghihirap, magmadali kang manalangin sa Diyos: "O Diyos! Nais kong magbigay-kasiyahan sa Iyo, nais kong tiisin ang sukdulang paghihirap upang makapagbigay-kasiyahan sa Iyong puso, at gaano man kalaki ang mga dagok na aking makatagpo, kailangan ko pa ring magbigay-kasiyahan sa Iyo. Kahit na kailanganin ko pang ibigay ang aking buong buhay, kailangan ko pa ring magbigay-kasiyahan sa Iyo!" Kapag may ganito kang kapasyahan, kapag nananalangin ka nang ganito, magagawa mong panindigan ang iyong patotoo. Tuwing isinasagawa nila ang katotohanan, tuwing sumasailalim sila sa pagpipino, tuwing sinusubok sila, at tuwing dumarating sa kanila ang gawain ng Diyos, kailangang magtiis ang mga tao ng matinding sakit. Ang lahat ng ito ay isang pagsubok para sa mga tao, at kaya sa loob nilang lahat ay may isang digmaan. Ito ang aktwal na halagang kanilang binabayaran. Ang higit pang pagbabasa ng mga salita ng Diyos at higit pang pag-aabala ay bahagi ng kabayarang iyon. Ito ang nararapat gawin ng mga tao, tungkulin nila ito, at ang pananagutan na dapat nilang tuparin, ngunit dapat na isantabi ng mga tao yaong nasa loob nila na kailangang maisantabi. Kung hindi, gaano man katindi ang iyong panlabas na pagdurusa, gaano ka man magpakaabala, ang lahat ay mawawalan ng kabuluhan! Na ang ibig sabihin, tanging ang mga pagbabago sa iyong kalooban ang makapagsasabi kung may halaga ang iyong panlabas na paghihirap. Kapag nagbago na ang iyong panloob na disposisyon at naisagawa mo na ang katotohanan, magkakamit ng pagsang-ayon ng Diyos ang lahat ng iyong panlabas na paghihirap; kung walang naging pagbabago sa iyong panloob na disposisyon, kahit gaano

karaming paghihirap ang iyong tiisin o gaano ka man magpakaabala sa panlabas, walang magiging pagsang-ayon mula sa Diyos—at ang paghihirap na hindi pinagtibay ng Diyos ay walang kabuluhan. Kaya, kung sinasang-ayunan ng Diyos ang halaga na iyong ibinayad ay malalaman sa pamamagitan ng kung nagkaroon na ba ng pagbabago sa iyo o hindi, at kung isinasagawa mo ba ang katotohanan o hindi at kung lumalaban ka ba sa sarili mong mga intensyon at mga kuro-kuro upang makamit ang pagsasakatuparan kalooban ng Diyos, ang pagkakilala sa Diyos, at ang katapatan sa Diyos. Gaano man ang iyong pag-aabala, kung hindi mo pa kailanman nagawang labanan ang sarili mong mga intensyon, kundi naghahanap ka lamang ng panlabas na mga aksyon at sigasig, at hindi kailanman nagbibigay-pansin sa iyong buhay, ang iyong paghihirap ay walang kabuluhan. Kung, sa isang tiyak na kapaligiran, mayroon kang nais sabihin, ngunit sa iyong kalooban ay nararamdaman mong hindi tamang sabihin ito, na ang pagsasabi nito ay hindi makabubuti sa iyong mga kapatid, at maaaring makasakit sa kanila, hindi mo ito sasabihin, at pipiliin mong tahimik na masaktan ang kalooban mo, sapagka't hindi matutugunan ng mga salitang ito ang kalooban ng Diyos. Sa oras na ito, magkakaroon ng paglalaban sa iyong kalooban, ngunit ikaw ay magiging handang magdusa ng sakit at isuko ang iyong iniibig. Magiging handa kang tiisin ang pagdurusang ito upang bigyang-kasiyahan ang Diyos, at bagama't magdurusa ng sakit ang kalooban mo, hindi ka magpapadala sa laman, at ang puso ng Diyos ay masisiyahan, at kaya mapagiginhawa rin ang kalooban mo. Ito ang tunay na pagbabayad ng halaga, at ang halagang ninanais ng Diyos. Kung nagsasagawa ka sa ganitong paraan, siguradong pagpapalain ka ng Diyos; kung hindi mo makakamit ito, gaano karami man ang nauunawaan mo, o gaano ka man kahusay sa pananalita, itong lahat ay para sa wala! Kung, sa landas tungo sa pagmamahal sa Diyos, nagagawa mong tumayo sa panig ng Diyos kapag nakikipaglaban Siya kay Satanas, at hindi ka bumabalik kay Satanas, nakamit mo na ang pag-ibig sa Diyos, at nakapanindigan ka na sa iyong patotoo.

Hinango mula sa "Ang Pagmamahal Lamang sa Diyos ang Tunay na Pananampalataya sa

Sa pagsasagawa ng katotohanan, nahihirapang umiwas ang mga tao na magkamali, ngunit kung alam mo kung paano gawin ang mga bagay alinsunod sa katotohanan kapag ginagawa mo ang mga ito, subalit hindi mo isinakatuparan ang mga ito alinsunod sa katotohanan, kung gayon ang problema ay wala kang pagmamahal sa katotohanan. Hindi mababago ang disposisyon ng isang taong walang pagmamahal sa katotohanan. Kung hindi mo maunawaan nang tumpak ang kalooban ng Diyos, at hindi mo alam kung paano magsagawa, dapat kang makipagbahaginan sa iba. Kung walang sinumang nakakaramdam na malinaw sa kanila ang bagay na ito, kung gayon dapat mong isagawa ang pinakamakatwirang solusyon. Gayunman, kung matuklasan mo sa bandang huli na nagkamali ka nang kaunti sa pagsasagawa nito sa ganitong paraan, dapat mong itama ito kaagad, at hindi ituturing ng Diyos na kasalanan ang pagkakamaling ito. Dahil tama ang mga layunin mo sa pagsasagawa ng bagay na ito, at nagsagawa ka alinsunod sa katotohanan at hindi mo lamang ito nalinawan, at nagbunga ng ilang kamalian sa iyong mga pagkilos, kung gayon makatwirang kadahilanan ito. Gayunman, maraming tao sa panahong ito ang umaasa na lamang sa dalawang kamay nila mismo sa pagtatrabaho at sa sarili nilang utak sa paggawa ng ganito at ganoon, at bihira nilang isaalang-alang ang mga tanong na ito: Naaayon ba sa kalooban ng Diyos ang pagsasagawa sa ganitong paraan? Masisiyahan ba ang Diyos kung ginawa ko ito sa ganitong paraan? Pagtitiwalaan ba ako ng Diyos kung ginawa ko ito sa ganitong paraan? Isasagawa ko ba ang katotohanan kung ginawa ko ito sa ganitong paraan? Kung mabalitaan ng Diyos ang bagay na ito, masasabi ba Niyang, “Nagawa mo ang bagay na ito nang tama at angkop! Ipagpatuloy mo iyan”? Nagagawa mo bang suriing mabuti ang lahat ng bagay na nakakaharap mo? Maaari ka bang maging seryoso at metikuloso tungkol sa bawat isa sa mga ito? O nagagawa mo bang pagnilayan kung kinamumuhian ng Diyos ang paraan ng pagsagawa mo rito, kung ano ang pakiramdam ng lahat ng iba pa tungkol sa iyong mga

pamamaraan, at kung ginagawa mo ito batay sa sarili mong kalooban o para bigyang-kasiyahan ang sarili mong mga kagustuhan…? Kailangang higit mo pang pag-isipan ito at hanapin, at ang iyong mga kamalian ay magiging paunti nang paunti. Ang paggawa ng mga bagay sa ganitong paraan ay magpapatunay na isa kang taong tunay na naghahanap sa katotohanan at na isa kang taong nagpipitagan sa Diyos, dahil ginagawa mo ang mga bagay-bagay alinsunod sa direksyong hinihingi ng katotohanan.

Kung malayo sa katotohanan ang mga pagkilos ng isang mananampalataya, kung gayon kapareho siya ng isang walang pananampalataya. Ito ang uri ng taong wala ang Diyos sa kanyang puso, at tumatalikod sa Diyos, at ang gayong tao ay katulad ng isang bayarang manggagawa sa pamilya ng Diyos na gumagawa ng maliliit na trabaho para sa kanyang amo, tumatanggap ng maliit na sahod, at pagkatapos ay umaalis. Hindi talaga ganito ang taong naniniwala sa Diyos. Dati-rati, nabanggit kung ano ang magagawa mo upang makamit ang pagsang-ayon ng Diyos. Ang pagsang-ayon ng Diyos ang unang dapat mong pag-isipan at pagsumikapan; ito dapat ang prinsipyo at saklaw ng iyong pagsasagawa. Dapat mong tukuyin kung ang iyong ginagawa ay naaayon sa katotohanan dahil kung naaayon ito sa katotohanan, tiyak na naaayon ito sa kalooban ng Diyos. Hindi naman sa dapat mong masukat kung tama o mali ang bagay na ito, o kung naaayon ito sa mga panlasa ng lahat ng iba pa, o kung naaayon ito sa sarili mong mga kagustuhan; sa halip, dapat mong tukuyin kung alinsunod ito sa katotohanan, at kung may pakinabang man ito sa gawain at mga interes ng iglesia o wala. Kung isasaalang-alang mo ang mga bagay na ito, mas lalo kang makakaayon sa kalooban ng Diyos kapag gumagawa ka ng mga bagay-bagay. Kung hindi mo isasaalang-alang ang mga aspetong ito, at aasa ka lamang sa sarili mong kalooban kapag ginagawa mo ang mga bagay-bagay, kung gayon garantisadong gagawin mo ang mga ito nang mali, dahil ang kalooban ng tao ay hindi ang katotohanan at, mangyari pa, hindi kaayon ng Diyos. Kung nais mong masang-ayunan ng Diyos, kailangan mong magsagawa ayon sa

katotohanan sa halip na ayon sa sarili mong kalooban. Ang ilang tao ay abala sa ilang lihim na mga bagay alang-alang sa pagganap sa kanilang mga tungkulin. Ang tingin ng kanilang mga kapatid kung gayon ay hindi ito angkop, at sinusumbatan sila dahil dito, ngunit hindi tinatanggap ng mga taong ito ang paninisi. Ipinapalagay nila na dahil ito ay isang personal na bagay na walang kinalaman sa gawain, pananalapi, o mga tao ng iglesia, hindi ito maituturing na paglabag sa saklaw ng katotohanan, at hindi dapat makialam ang Diyos sa bagay na ito. Ang ilang bagay ay tila mga pribadong bagay para sa iyo na walang kinalaman sa anumang prinsipyo o katotohanan. Gayunman, dahil sa ginawa mo, naging napakamakasarili mo dahil hindi mo isinaalang-alang ang gawain ng pamilya ng Diyos o kung paano makakaapekto ito rito; isinaalang-alang mo lamang ang sarili mong kapakinabangan. May kinalaman na ito sa kagandahang-asal ng mga banal, gayundin ang mga isyung may kinalaman sa pagkatao ng isang tao. Kahit walang kinalaman ang ginagawa mo sa mga interes ng iglesia, ni wala itong kinalaman sa katotohanan, ang pagiging abala sa isang pribadong bagay habang sinasabi na isinasagawa mo ang iyong tungkulin ay hindi naaayon sa katotohanan. Ano man ang iyong ginagawa, gaano man kalaki o kaliit ang isang bagay, at ginagawa mo man iyon upang gampanan ang iyong tungkulin sa pamilya ng Diyos o para sa sarili mong mga lihim na dahilan, kailangan mong isipin kung naaayon ang ginagawa mo sa kalooban ng Diyos, at kung ito ba ay isang bagay na dapat gawin ng isang taong makatao. Kung ganito ang paghahanap mo ng katotohanan sa lahat ng ginagawa mo, isa kang taong tunay na nananalig sa Diyos. Kung taimtim mong tinatrato ang bawat bagay at bawat katotohanan sa ganitong paraan, magkakamit ka ng mga pagbabago sa iyong disposisyon. Iniisip ng ilang tao na kapag gumagawa sila ng isang personal na bagay, maaari nilang basta balewalain ang katotohanan, gawin ito ayon sa gusto nila, gawin ito sa anumang paraang nagpapasaya sa kanila at sa anumang paraang makakabuti sa kanila. Wala sila ni katiting na konsiderasyon kung paano nito maaapektuhan ang pamilya ng Diyos, ni wala silang konsiderasyon kung ang ginagawa nila ay naaangkop sa banal na

kawastuhan. Sa huli, kapag tapos na sila sa bagay na ito, nagdidilim ang kanilang kalooban at hindi sila mapakali, bagama't hindi nila alam kung bakit. Paghihiganti ba ito na hindi nararapat? Kung gumagawa ka ng mga bagay na hindi sinasang-ayunan ng Diyos, nagkasala ka sa Diyos. Kung hindi mahal ng isang tao ang katotohanan, at madalas nilang ginagawa ang mga bagay ayon sa sarili nilang kalooban, madalas silang magkakasala sa Diyos. Ang gayong mga tao ay karaniwang hindi sinasang-ayunan ng Diyos sa kanilang ginagawa, at kung hindi sila magsisisi, hindi malayong parusahan sila.

Hinango mula sa "Ang Paghahanap sa Kalooban ng Diyos ay Alang-alang sa Pagsasagawa ng Katotohanan" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Gaano karaming katotohanan ang nauunawaan mo? Gaano karami ang isinasagawa mo sa huli? Sino ang mas mahal mo, ang Diyos o ang sarili mo? Mas madalas ka bang magbigay, o mas madalas kang tumanggap? Sa ilang pagkakataong mali ang layunin mo na nagawa mong talikuran ang dati mong sarili at napalugod mo ang kalooban ng Diyos? Ang ilang mga katanungang ito lamang ay lilituhin na ang maraming tao. Para sa karamihan ng mga tao, kahit mapagtanto nilang mali ang kanilang layunin, sadya pa rin nilang ginagawa ang mali, at malayo pa sila sa pagtalikod sa sarili nilang laman. Hinahayaan ng karamihan ng mga tao na lumaganap ang kasalanan sa loob nila, hinahayaan ang kanilang kasalanan na diktahan ang bawat kilos nila. Hindi nila kayang supilin ang kanilang mga kasalanan, at patuloy silang nabubuhay sa kasalanan. Pagdating sa kasalukuyang yugtong ito, sino ang hindi nakaaalam kung ilang masasamang gawa na ang nagawa nila? Kung sasabihin mong hindi mo alam, kung gayon nagsisinungaling ka. Sa deretsahang pagsasalita, ang lahat ng ito ay pagtangging talikuran ang dati mong sarili. Anong silbi ng pagsasabi ng napakaraming pagsisising "salita mula sa puso" na walang halaga? Nakatutulong ba ito sa paglago mo sa buhay? Masasabing ganap mong gawain ang pagkilala mo sa sarili mo. Ginagawa Kong perpekto ang mga tao sa pamamagitan ng kanilang pagpapasakop at

pagsasagawa sa mga salita ng Diyos. Kung isusuot mo lamang ang mga salita ng Diyos tulad ng pagsusuot mo ng damit, upang magmukha ka lamang matalino at kaakit-akit, hindi ba't nililinlang mo ang sarili mo at ang iba? Kung puro salita ka lamang at hindi mo kailanman isinasagawa ito, ano ang mapapala mo?

Maraming taong nakapagsasalita nang kaunti tungkol sa pagsasagawa at nakapagsasalita sila tungkol sa kanilang mga pansariling palagay, ngunit pagpapaliwanag na nakamit mula sa mga salita ng iba ang karamihan ng ito. Hindi man lamang kabilang dito ang anumang nagmumula sa kanilang pansariling mga pagsasagawa, ni hindi kabilang dito ang nakikita nila mula sa kanilang mga karanasan. Hinimay Ko ang usaping ito noong una pa man; huwag mong isiping wala Akong alam. Isa ka lamang papel na tigre, subalit nagsasalita ka tungkol sa paglupig kay Satanas, sa pagkakaroon ng matatagumpay na patotoo, at sa pagsasabuhay sa larawan ng Diyos? Walang kabuluhan ang lahat ng ito! Iniisip mo bang ang lahat ng mga salitang sinabi ng Diyos ngayon ay para hangaan mo? Nagsasabi ang bibig mo tungkol sa pagtalikod sa dati mong sarili at pagsagawa ng katotohanan, subalit iba ang ginagawa ng mga kamay mo at nagbabalak ng ibang mga pakana ang puso mo—anong klaseng tao ka? Bakit hindi iisa't pareho ang puso at mga kamay mo? Napakaraming pangaral ang naging hungkag na mga salita; hindi ba ito makadurog-puso? Kung hindi mo maisagawa ang salita ng Diyos, pinatutunayan nito na hindi ka pa nakapapasok sa paraan ng pagkilos ng Banal na Espiritu, na wala pa sa loob mo ang gawain ng Banal na Espiritu, at hindi ka pa nagkakaroon ng paggabay Niya. Kung sinasabi mong nauunawaan mo lamang ang salita ng Diyos ngunit hindi mo naisasagawa ito, kung gayon isa kang taong hindi nagmamahal sa katotohanan. Hindi darating ang Diyos upang iligtas ang ganitong klaseng tao. Nagdusa si Jesus ng napakatinding paghihirap noong ipako Siya sa krus upang iligtas ang mga makasalanan, iligtas ang mga maralita, at upang iligtas ang lahat yaong mga mapagkumbabang tao. Nagsilbing handog para sa kasalanan ang pagkakapako Niya sa krus. Kung hindi mo maisasagawa ang salita ng

Diyos, kung gayon dapat kang umalis sa lalong madaling panahon; huwag kang magtagal sa tahanan ng Diyos bilang isang manghuhuthot. Nahihirapan pa ang maraming mga tao na pigilan ang kanilang mga sarili mula sa paggawa ng mga bagay na malinaw na lumalaban sa Diyos. Hindi ba sila humihingi ng kamatayan? Paano sila nakapagsasalita tungkol sa pagpasok sa kaharian ng Diyos? May tapang kaya silang makita ang mukha ng Diyos? Ang pagkain ng mga pagkaing ipinagkakaloob ng Diyos sa iyo, ang paggawa ng buktot na mga bagay na sumasalungat sa Diyos, ang pagiging mapaghangad ng masama, lihim na mapanira, at mapagpakana, kahit habang pinahihintulutan ng Diyos na matamasa mo ang mga biyayang ipinagkaloob Niya sa iyo—hindi mo ba nararamdamang sinusunog ng mga ito ang mga kamay mo kapag tinatanggap mo sila? Hindi mo ba nararamdaman ang pamumula ng mukha mo? Sa pagkakagawa ng isang bagay na sumasalungat sa Diyos, sa pagpapatupad ng mga pakana upang “maging tampalasan,” hindi ka ba natatakot? Kung wala kang nararamdaman, paano ka nakapagsasalita ng anuman tungkol sa kinabukasan? Wala nang kinabukasan para sa iyo noong una pa man, kaya ano pang mas higit na pag-asa ang mayroon ka? Kung magsasalita ka ng isang walang-kahihiyang bagay ngunit wala kang nararamdamang kahihiyan, at ang puso mo ay walang kamalayan, kung gayon hindi ba ito nangangahulugang pinabayaan ka na ng Diyos? Naging likas na sa iyo ang magsalita at kumilos nang walang pakundangan at walang pagpipigil; paano ka pang magagawang perpekto ng Diyos nang ganito? Magagawa mo bang lakarin ang buong daigdig? Sino ang makukumbinsi sa iyo? Lalayo yaong mga nakakikilala sa totoo mong kalikasan. Hindi ba ito kaparusahan ng Diyos? Sa kabuuan, kung puro salita lamang at walang pagsasagawa, walang paglago. Bagama’t maaaring gumagawa sa iyo ang Banal na Espiritu habang nagsasalita ka, kung hindi ka nagsasagawa, titigil ang Banal na Espiritu sa paggawa. Kung magpapatuloy kang ganito, paano magkakaroon ng anumang usapan tungkol sa kinabukasan o pagbibigay ng buong pagkatao mo sa gawain ng Diyos? Nasasabi mo lang ang pag-aalay ng buong katauhan mo, subalit

hindi mo pa naibibigay ang tunay mong pagmamahal sa Diyos. Debosyong salita lamang ang natatanggap Niya mula sa iyo; hindi ibinibigay sa Kanya ang layunin mong isagawa ang katotohanan. Ito nga ba ang aktwal mong katayuan? Kung magpapatuloy kang ganito, kailan ka magagawang perpekto ng Diyos? Hindi ka ba nababahala sa madilim at malungkot mong kinabukasan? Hindi mo ba nararamdaman na nawalan na ng pag-asa ang Diyos sa iyo? Hindi mo ba alam na ninanais ng Diyos na gawing perpekto ang mas marami at mas bagong mga tao? Kaya bang manatili ng mga lumang bagay? Hindi mo binibigyang pansin ang mga salita ng Diyos ngayon: Naghihintay ka ba ng bukas?

Hinango mula sa "Ang Isang Taong Nagkakamit ng Kaligtasan ay Yaong Nakahandang Isagawa ang Katotohanan" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung marami na kayong nabasa sa salita ng Diyos ngunit nauunawaan lamang ninyo ang kahulugan ng teksto at wala kayong personal na kaalaman sa salita ng Diyos sa pamamagitan ng inyong praktikal na mga karanasan, hindi mo malalaman ang salita ng Diyos. Para sa iyo, ang salita ng Diyos ay hindi buhay, kundi mga titik lamang na walang buhay. At kung ang ipamumuhay mo ay mga titik lamang na walang buhay, hindi mo mauunawaan ang diwa ng salita ng Diyos, ni mauunawaan ang Kanyang kalooban. Kapag naranasan mo na ang Kanyang salita sa iyong mga tunay na karanasan, saka lamang kusang mahahayag sa iyo ang espirituwal na kahulugan ng salita ng Diyos, at sa pamamagitan lamang ng karanasan mo mauunawaan ang espirituwal na kahulugan ng maraming katotohanan at mabubuksan ang mga hiwaga ng salita ng Diyos. Kung hindi mo ito isasagawa, gaano man kalinaw ang Kanyang salita, ang tanging naunawaan mo ay mga hungkag na titik at doktrina lamang, na naging mga tuntuning pangrelihiyon na sa iyo. Hindi ba ito ang ginawa ng mga Fariseo? Kung isinasagawa at nararanasan ninyo ang salita ng Diyos, nagiging praktikal ito sa inyo; kung hindi ninyo hinahangad isagawa ito, hihigit lang nang kaunti sa alamat ng ikatlong langit ang salita ng Diyos para sa iyo. Sa katunayan, ang proseso ng

paniniwala sa Diyos ay ang proseso ng inyong pagdanas sa Kanyang salita gayundin ang pagiging nakamit Niya, o para mas maliwanag, ang maniwala sa Diyos ay ang magkaroon ng kaalaman at pagkaunawa sa Kanyang salita at ang maranasan at isabuhay ang Kanyang salita; ganyan ang realidad sa likod ng inyong paniniwala sa Diyos. Kung kayo ay naniniwala sa Diyos at umaasa sa buhay na walang hanggan nang hindi naghahangad na isagawa ang salita ng Diyos bilang isang bagay na nasa inyong kalooban, kayo ay hangal. Magiging para itong pagpunta sa isang piging at pagtingin lamang sa pagkain at pagsasaulo kung alin ang masarap nang hindi man lamang tinitikman ang alinman dito. Hindi ba hangal ang gayong tao?

Hinango mula sa “Sa Sandaling Maunawaan Ninyo ang Katotohanan, Dapat Ninyo Itong Isagawa” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa bawat kapanahunan, habang gumagawa sa mga tao, ipinagkakaloob ng Diyos ang ilang salita sa kanila at sinasabi sa kanila ang ilang katotohanan. Ang mga katotohanang ito ay nagsisilbing daan na dapat sundan ng mga tao, ang daan na dapat nilang lakaran, ang daan na nagbibigay-kakayahan sa kanila na magkaroon ng takot sa Diyos at makaiwas sa kasamaan, at ang daan na dapat isagawa at sundan ng mga tao sa kanilang buhay at sa buong paglalakbay nila sa buhay. Ito ang mga dahilan kaya ipinapahayag ng Diyos ang mga pagbigkas na ito sa sangkatauhan. Ang mga salitang ito na nagmumula sa Diyos ay dapat sundin ng mga tao, at ang pagsunod sa mga ito ay pagtanggap ng buhay. Kung hindi susundin ng isang tao ang mga ito, hindi isasagawa ang mga ito, at hindi isasabuhay ang mga salita ng Diyos, hindi isinasagawa ng taong ito ang katotohanan. Bukod pa riyan, kung hindi isinasagawa ng mga tao ang katotohanan, hindi sila natatakot sa Diyos at hindi nila iniiwasan ang kasamaan, ni hindi rin nila mapapalugod ang Diyos. Ang mga taong hindi kayang palugurin ang Diyos ay hindi matatanggap ang Kanyang papuri, at walang kahihinatnan ang gayong mga tao.

Hinango mula sa “Paano Malalaman ang Disposisyon ng Diyos at ang mga Resultang

Ang pananampalataya sa Diyos ay hindi kasingsimple ng sinasabi ng mga tao. Sa paningin ng Diyos, kung may kaalaman ka lamang nguni't wala ang salita Niya bilang buhay, at kung limitado ka lamang sa iyong sariling kaalaman nguni't hindi kayang maisagawa ang katotohanan o maisabuhay ang salita ng Diyos, kung gayon ito ay patunay pa rin na wala kang pusong may pag-ibig para sa Diyos, at ipinakikita nito na ang iyong puso ay hindi pag-aari ng Diyos. Makikilala ng isang tao ang Diyos sa pamamagitan ng pananalig sa Kanya: ito ang panghuling mithiin at ang mithiin ng pagsisikap ng tao. Dapat kang magsikap na isabuhay ang mga salita ng Diyos upang ang mga ito ay magbunga sa iyong pagsasagawa. Kung mayroon ka lamang kaalaman tungkol sa doktrina, ang iyong pananampalataya sa Diyos ay mauuwi sa wala. Tanging kung iyo ring isinasagawa at isinasabuhay ang Kanyang salita saka lamang maituturing na ganap ang iyong pananampalataya at ayon sa kalooban ng Diyos. Sa landas na ito, maraming tao ang makapagsasalita ng maraming kaalaman, nguni't sa oras ng kanilang kamatayan, ang kanilang mga mata ay umaapaw sa mga luha, at kinapopootan nila ang kanilang mga sarili sa pagkakasayang sa isang buong buhay at pagkabuhay hanggang sa katandaan nang para sa wala. Nauunawaan lang nila ang mga doktrina nguni't hindi nila kayang isagawa ang katotohanan o magpatotoo sa Diyos; sa halip ay tumatakbo lang sila paroo't parito, abala na tulad ng isang bubuyog, at kapag naghihingalo na sila saka lang nila nakikita sa wakas na kulang sila sa tunay na patotoo, na hindi nila tunay na kilala ang Diyos. Hindi ba't ito ay masyadong huli na? Bakit hindi mo samantalahin ang araw at hanapin ang katotohanan na iyong minamahal? Bakit maghihintay ka pa hanggang kinabukasan? Kung habang buhay ka ay hindi ka nagdurusa para sa katotohanan o naghahangad na makamit ito, maaari kayang ninanais mong maramdaman ang panghihinayang sa oras ng iyong paghihingalo? Kung gayon, bakit ka pa maniniwala sa Diyos? Sa katunayan, maraming bagay na kung saan ang mga tao, kung sila'y mag-

uukol lamang ng katiting na pagsisikap, ay makapagsasagawa ng katotohanan at sa gayon ay mapalulugod ang Diyos. Dahil lamang ang puso ng mga tao ay palagiang nilulukuban ng mga demonyo kung kaya't hindi sila makakilos para sa kapakanan ng Diyos, at palaging nagmamadali para sa kapakanan ng kanilang laman, nang walang anumang nakakamit mula rito sa katapusan. Dahil dito kung kaya't ang mga tao ay palaging may mga problema at paghihirap. Hindi ba't ito ang mga pagpapahirap ni Satanas? Hindi ba't ito ang katiwalian ng laman? Hindi mo dapat subukang linlangin ang Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya sa salita lamang. Sa halip, dapat kang gumawa ng aktwal na pagkilos. Huwag mong linlangin ang iyong sarili—ano ang magiging punto niyon? Ano ang iyong makakamit sa pamumuhay para sa kapakanan ng iyong laman at pagpapagal para sa kapakinabangan at katanyagan?

Hinango mula sa "Dapat Kang Mamuhay Para sa Katotohanan Yamang Naniniwala Ka sa Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Yaong mga tunay na naniniwala sa Diyos ay yaong mga handang isagawa ang salita ng Diyos at handang isagawa ang katotohanan. Ang mga taong tunay na nagagawang manindigan sa kanilang patotoo sa Diyos ay yaon ding mga handang isagawa ang Kanyang salita at talagang kayang pumanig sa katotohanan. Wala sa lahat ng taong nanloloko at walang katarungan ang katotohanan, at nagdadala sila ng kahihiyan sa Diyos. Yaong mga nagsasanhi ng mga alitan sa iglesia ay mga utusan ni Satanas, sila ang sagisag ni Satanas. Ang gayong mga tao ay nakapamalisyoso. Lahat ng hindi makaintindi at walang kakayahang pumanig sa katotohanan ay may kimkim na masasamang layon at dinudungisan ang katotohanan. Higit pa riyan, sila ay napakatipikal na mga kinatawan ni Satanas. Hindi na sila matutubos, at natural lamang na aalisin silang lahat. Hindi tinutulutan ng pamilya ng Diyos na manatili ang mga hindi nagsasagawa ng katotohanan, ni hindi nito tinutulutang manatili yaong mga sadyang gumigiba sa iglesia. Gayunman, hindi ito ang panahon para gawin ang gawain ng pagtitiwalag; ilalantad at aalisin lamang ang

gayong mga tao sa huli. Wala nang walang-silbing gawaing iuukol sa mga taong ito; yaong mga nabibilang kay Satanas ay hindi kayang pumanig sa katotohanan, samantalang yaong mga naghahanap sa katotohanan ay kayang gawin ito. Ang mga taong hindi nagsasagawa ng katotohanan ay hindi karapat-dapat na marinig ang daan ng katotohanan at hindi karapat-dapat na magpatotoo tungkol sa katotohanan. Ang katotohanan ay hindi talaga para sa kanilang mga pandinig; sa halip, ito ay para sa mga nagsasagawa nito. Bago ibunyag ang katapusan ng bawat tao, yaong mga nanggugulo sa iglesia at nakakaabala sa gawain ng Diyos ay isasantabi muna sa ngayon, upang pakitunguhan kalaunan. Kapag tapos na ang gawain, ilalantad ang bawat isa sa mga taong ito, at pagkatapos ay aalisin sila. Samantala, habang ipinagkakaloob ang katotohanan, hindi sila papansinin. Kapag ibinunyag sa sangkatauhan ang buong katotohanan, dapat maalis ang mga taong iyon; iyon ang panahon kung kailan pagbubukud-bukurin ang lahat ng tao ayon sa kanilang uri. Ang walang-kuwentang mga panloloko ng mga hindi makaintindi ay hahantong sa kanilang pagkawasak sa mga kamay ng masasamang tao, ililigaw sila ng mga ito, at hindi na makakabalik. At gayong pagtrato ang nararapat sa kanila, dahil hindi nila mahal ang katotohanan, dahil hindi nila kayang pumanig sa katotohanan, dahil sumusunod sila sa masasamang tao at pumapanig sa masasamang tao, at dahil nakikipagsabwatan sila sa masasamang tao at sumusuway sa Diyos. Alam na alam nila na ang mababanaag sa masasamang taong iyon ay kasamaan, subalit pinatitigas nila ang kanilang puso at tinatalikuran ang katotohanan upang sundan sila. Hindi ba gumagawa ng kasamaan ang lahat ng taong ito na hindi nagsasagawa ng katotohanan kundi gumagawa ng nakakasira at kasuklam-suklam na mga bagay? Bagama’t mayroon sa kanila na naghahari-harian at sumusunod naman sa kanila ang iba, hindi ba pare-pareho silang likas na masuwayin sa Diyos? Ano ang ikakatwiran nila para sabihin na hindi sila inililigtas ng Diyos? Ano ang ikakatwiran nila para sabihin na hindi matuwid ang Diyos? Hindi ba ang sarili nilang kasamaan ang sumisira sa kanila? Hindi ba ang sarili nilang pagkasuwail ang

humahatak sa kanila pababa sa impiyerno? Ang mga taong nagsasagawa ng katotohanan, sa bandang huli, ay maliligtas at gagawing perpekto dahil sa katotohanan. Yaong mga hindi nagsasagawa ng katotohanan, sa bandang huli, ay maghahatid ng pagkawasak sa kanilang sarili dahil sa katotohanan. Ito ang wakas na naghihintay sa mga nagsasagawa at hindi nagsasagawa ng katotohanan.

Hinango mula sa “Isang Babala sa mga Hindi Nagsasagawa ng Katotohanan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

26. Ang mga Prinsipyo ng Pagpasok sa Realidad ng mga Salita ng Diyos

(1) Dapat maisagawa ng isang tao ang katotohanan, gaano man kababaw o kalalim ang kanilang pagkaunawa rito. Habang mas lumalalim nang lumalalim ang isang tao sa katotohanan, likas nilang maisasabuhay ang realidad ng mga salita ng Diyos;

(2) Kapag naunawaan na ng isang tao ang katotohanan sa kanilang pagsasagawa at karanasan sa mga salita ng Diyos, at kapag nakita nilang lahat ng hinihingi ng Diyos sa tao ay praktikal, likas nilang nagagawang mahalin ang pagsasagawa ng katotohanan;

(3) Maaaring matamo ng isang tao ang kaliwanagan at patnubay ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng malimit na pagsasagawa at pagdanas ng mga salita ng Diyos at, kapag isinasagawa ang katotohanan, nakararamdam sila ng kapayapaan at paglaya sa kanilang kaluluwa;

(4) Kapag isinasabuhay ng mga taong madalas nagsasagawa ng katotohanan ang realidad ng mga salita ng Diyos, malinaw na nalalaman nila ito sa kanilang mga puso, at malinaw rin namang nakikita ng mga taong nauunawaan ang katotohanan na gayon nga.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang Diyos ay isang praktikal na Diyos: Lahat ng Kanyang gawain ay praktikal, lahat ng salitang binibigkas Niya ay praktikal, at lahat ng katotohanang ipinahahayag Niya ay praktikal. Wala sa Kanyang mga salita

ang hungkag, hindi umiiral, at hindi makatwiran. Ngayon, nariyan ang Banal na Espiritu para gabayan ang mga tao sa mga salita ng Diyos. Kung hahangarin ng mga tao ang makapasok sa realidad, kung gayon ay dapat nilang hanapin ang realidad, at kilalanin ang realidad, at pagkatapos ay dapat nilang maranasan ang realidad, at isabuhay ang realidad. Kapag mas nakikilala ng mga tao ang realidad, mas nakikilala nila kung tunay ang mga salita ng iba; kapag mas nakikilala ng mga tao ang realidad, nagiging mas kaunti ang kanilang mga haka-haka; kapag mas nararanasan ng mga tao ang realidad, mas nalalaman nila ang mga gawain ng Diyos ng realidad, at nagiging mas madali para sa kanilang kumalas mula sa kanilang mga tiwali at satanikong disposisyon; kapag mas mayroong realidad ang mga tao, mas nakikilala nila ang Diyos at mas kinamumuhian nila ang laman at minamahal ang katotohanan; at kapag mas mayroong realidad ang mga tao, mas malapit na nilang maabot ang mga pamantayan ng mga hinihingi ng Diyos. Ang mga taong nakamit ng Diyos ay nagtataglay ng realidad, nakakakilala ng realidad, at nakakakilala sa mga tunay na gawain ng Diyos sa pamamagitan ng pagdanas ng realidad. Kapag mas nakikipagtulungan ka sa Diyos sa praktikal na paraan at dinidisiplina ang iyong katawan, mas matatamo mo ang gawain ng Banal na Espiritu, mas matatamo mo ang realidad, at mas maliliwanagan ka ng Diyos, at sa ganitong paraan, mas lalaki ang iyong kaalaman sa tunay na mga gawain ng Diyos. Kung nakakapamuhay ka sa kasalukuyang liwanag ng Banal na Espiritu, kung gayon ay mas magiging mas malinaw sa iyo ang kasalukuyang landas tungo sa pagsasagawa, at mas makakaya mong ihiwalay ang iyong sarili mula sa mga haka-haka sa relihiyon at lumang gawi ng nakaraan. Ngayon, ang realidad ang pinagtutuunan: Kapag mas mayroong realidad ang mga tao, nagiging mas malinaw ang kanilang kaalaman sa katotohanan, at mas lumalaki ang kanilang pagkaunawa sa kalooban ng Diyos. Napapangibabawan ng realidad ang lahat ng titik at mga doktrina, napapangibabawan nito ang lahat ng teorya at kasanayan, at kapag mas pinagtutuunan ng mga tao ang realidad, mas tunay silang umiibig Diyos, at nagugutom at nauuhaw sa Kanyang mga salita. Kung lagi

kang nakatuon sa realidad, ang iyong pilosopiya sa buhay, mga haka-haka sa relihiyon, at likas na katangian ay natural lamang na mabubura kasunod ng gawain ng Diyos. Ang mga hindi naghahangad ng realidad, at walang kaalaman sa realidad, ay malamang na maghahangad ng kababalaghan at madali silang malilinlang. Walang epekto ang Banal na Espiritu sa ganitong mga tao, kung kaya't nakakaramdam sila ng kahungkagan, at na walang kahulugan ang kanilang mga buhay.

Hinango mula sa "Paano Makikilala ang Realidad" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang suportahan ang mga salita ng Diyos at magawang ipaliwanag ang mga ito nang hindi nahihiya ay hindi nangangahulugan na taglay mo ang realidad; ang mga bagay ay hindi kasing-simple ng iyong iniisip. Kung nagtataglay ka ng realidad ay hindi nababatay sa kung ano ang iyong sinasabi; sa halip, nababatay ito sa iyong isinasabuhay. Kapag naging buhay at likas na pagpapahayag mo ang mga salita ng Diyos, saka lamang masasabi na taglay mo ang realidad, at saka ka lamang maituturing na nagkamit ng tunay na pagkaunawa at totoong tayog. Kailangan mong matagalan ang pagsusuri sa loob ng mahabang panahon, at kailangan mong maisabuhay ang wangis na kinakailangan ng Diyos. Hindi ito dapat maging pakitang-tao lamang; kailangan itong likas na dumaloy mula sa iyo. Saka ka lamang tunay na magtataglay ng realidad, at saka ka lamang magkakamit ng buhay. Hayaan mong gumamit Ako ng halimbawa ng pagsubok sa mga tagasilbi na pamilyar sa lahat: Maaaring ialok ng sinuman ang pinakamatatayog na teorya tungkol sa mga tagasilbi, at lahat ay may maayos na pagkaunawa tungkol sa paksa; pinag-uusapan nila iyon at bawat pananalita ay mas magaling kaysa sa huli, na para bang isang paligsahan iyon. Gayunman, kung hindi pa sumailalim ang tao sa isang malaking pagsubok, napakahirap sabihin na may maibabahagi siyang magandang patotoo. Sa madaling salita, kulang na kulang pa rin ang pagsasabuhay ng tao, lubos na salungat sa kanyang pagkaunawa. Kung gayon, kailangan pa itong maging totoong tayog ng tao, at hindi pa ito

buhay ng tao. Dahil hindi pa nadadala sa realidad ang pagkaunawa ng tao, para pa ring kastilyong itinayo sa buhangin ang kanyang tayog, na umuuga at nasa bingit ng pagguho. Lubhang kakaunti ang taglay na realidad ng tao; halos imposibleng makahanap ng anumang realidad sa tao. Lubhang kakaunti ang realidad na likas na dumadaloy mula sa tao, at lahat ng realidad na isinasabuhay nila ay sapilitan. Iyan ang dahilan kaya Ko sinasabi na walang taglay na realidad ang tao. Bagama't sinasabi ng mga tao na hindi nagbabago ang kanilang pagmamahal sa Diyos kailanman, ito lamang ang sinasabi nila bago sila naharap sa anumang mga pagsubok. Balang araw, kapag bigla silang naharap sa mga pagsubok, muling hindi aayon sa realidad ang mga bagay na sinasabi nila, at minsan pa itong magpapatunay na walang taglay na realidad ang tao. Masasabi na tuwing nahaharap ka sa mga bagay na hindi akma sa iyong mga pagkaintindi at na kinakailangang isantabi mo ang iyong sarili, ang mga bagay na iyon ang mga pagsubok sa iyo. Bago mahayag ang kalooban ng Diyos, lahat ay nagdaraan sa isang mahigpit na pagsusuri at napakalaking pagsubok. Naaarok mo ba ito? Kapag gusto ng Diyos na subukin ang mga tao, palagi Niya silang hinahayaang pumili bago ibunyag ang aktwal na katotohanan. Ibig sabihin, kapag isinasailalim ng Diyos ang tao sa mga pagsubok, hindi Niya kailanman sasabihin sa iyo ang katotohanan; sa ganyang paraan inilalantad ang mga tao. Isang paraan ito ng pagsasagawa ng Diyos ng Kanyang gawain, upang makita kung kilala mo ang Diyos ngayon, at kung nagtataglay ka ng anumang realidad. Talaga bang wala kang mga pagdududa tungkol sa gawain ng Diyos? Magagawa mo bang tunay na manindigan kapag dumating sa iyo ang isang matinding pagsubok? Sino ang nangangahas na magsabing, "Ginagarantiyahan ko na walang magiging mga problema"? Sino ang nangangahas na igiit na, "Maaaring may mga pagdududa ang iba, pero hindi ako kailanman"? Kagaya lamang noong isailalim si Pedro sa mga pagsubok: Palagi siyang nagyayabang bago nahayag ang katotohanan. Hindi natatangi kay Pedro ang personal na kapintasang ito; ito ang pinakamalaking hirap na kasalukuyang kinakaharap ng bawat tao. Kung bibisitahin Ko ang ilang lugar o ang ilang

kapatid upang tingnan kung ano ang inyong pagkaunawa sa gawain ng Diyos ngayon, tiyak na marami kayong masasabi tungkol sa inyong kaalaman, at magmumukhang wala kayong anumang pagdududa. Kung tatanungin Ko kayo, “Maaari mo ba talagang matukoy na ang gawain ngayon ay isinasagawa ng Diyos Mismo? Nang walang anumang pagdududa?” tiyak na isasagot mong, “Walang anumang pagdududa, ito ang gawaing isinasagawa ng Espiritu ng Diyos.” Kapag nakasagot ka na sa gayong paraan, tiyak na hindi ka makararamdam ni katiting na pagdududa, at baka nga medyo masiyahan ka pa, na iniisip na nagkamit ka na ng kaunting realidad. Yaong mga malamang na makaunawa sa mga bagay-bagay sa ganitong paraan ay mga taong nagtataglay ng kaunting realidad; habang lalong iniisip ng isa na nakamit na niya ito, lalong hindi niya magagawang manindigan kapag naharap siya sa mga pagsubok. Kaawa-awa ang mayayabang at hambog, at kaawa-awa ang mga hindi nakakakilala sa kanilang sarili; ang gayong mga tao ay magaling magsalita, subalit pinaka-hindi magawa ang sinasabi nila. Sa pinakamaliit na tanda ng problema, nagsisimulang magkaroon ng mga pagdududa ang mga taong ito, at sumasagi sa kanilang isipan ang pagsuko. Wala silang taglay na anumang realidad; ang tanging mayroon sila ay mga teorya na mas matayog pa sa relihiyon, na walang anuman sa realidad na kinakailangan ngayon ng Diyos. Ang labis Kong kinaiinisan ay yaong mga bumabanggit lamang ng mga teorya nang anumang taglay na realidad. Sila ang pinakamalakas sumigaw kapag nagsasagawa ng kanilang gawain, ngunit kapag naharap sila sa realidad, nababagabag sila. Hindi ba ito nagpapakita na walang realidad ang mga taong ito? Gaano man kabagsik ang hangin at mga alon, kung maaari kang manatiling nakatayo nang wala ni katiting na pagdududang pumapasok sa iyong isipan, at maaari kang manindigan at manatiling malaya sa pagtanggi, kahit wala nang iba pang natitira, ituturing kang mayroong totoong pagkaunawa at tunay na nagtataglay ng realidad.

Hinango mula sa “Pagsasagawa Lamang ng Katotohanan ang Pagtataglay ng Realidad” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Hindi lamang kakayahang magsalita tungkol sa realidad ang kinakailangan ng Diyos sa mga tao; napakadali sana niyan, hindi ba? Kung gayon, bakit binabanggit ng Diyos ang pagpasok sa buhay? Bakit Siya nagsasalita tungkol sa pagbabago? Kung ang kaya lamang ng mga tao ay hungkag na pananalita tungkol sa realidad, magkakamit ba sila ng pagbabago sa kanilang disposisyon? Ang mabubuting kawal ng kaharian ay hindi sinanay na maging isang grupo ng mga tao na kaya lamang magsalita tungkol sa realidad o magyabang; sa halip, sinanay silang isabuhay ang mga salita ng Diyos sa lahat ng oras, manatiling hindi sumusuko anumang mga dagok ang kinakaharap nila, at patuloy na mamuhay alinsunod sa mga salita ng Diyos at huwag bumalik sa mundo. Ito ang realidad na sinasabi ng Diyos; ito ang kinakailangan ng Diyos sa tao. Sa gayon, huwag isiping napakadali ng realidad na binabanggit ng Diyos. Ang kaliwanagan lamang mula sa Banal na Espiritu ay hindi kapantay ng pagtataglay ng realidad. Hindi gayon ang tayog ng tao—ito ang biyaya ng Diyos, kung saan walang iniaambag ang tao. Bawat tao ay kailangang tiisin ang mga pagdurusa ni Pedro, at, higit pa rito, taglayin ang kaluwalhatian ni Pedro, na kanilang isinasabuhay matapos nilang matamo ang gawain ng Diyos. Ito lamang ang matatawag na realidad. Huwag isipin na taglay mo ang realidad dahil lamang sa kaya mong magsalita tungkol dito; maling akala iyan. Ang gayong mga saloobin ay hindi naaayon sa kalooban ng Diyos at walang tunay na kabuluhan. Huwag mong sabihin ang gayong mga bagay sa hinaharap—pawiin ang gayong mga kasabihan! Lahat ng may maling pagkaunawa sa mga salita ng Diyos ay mga walang pananampalataya. Wala silang anumang tunay na kaalaman, lalo nang walang anumang totoong tayog; sila ay mga mangmang na walang realidad. Sa madaling salita, lahat ng nabubuhay sa labas ng diwa ng mga salita ng Diyos ay mga walang pananampalataya. Yaong mga itinuturing ng mga tao na walang pananampalataya ay mga hayop sa mga mata ng Diyos, at yaong mga itinuturing ng Diyos na mga walang pananampalataya ay mga taong walang mga salita ng Diyos bilang kanilang buhay. Kung gayon ay masasabi na yaong mga hindi nagtataglay ng realidad ng mga

salita ng Diyos at bigong isabuhay ang Kanyang mga salita ay mga walang pananampalataya. Ang layunin ng Diyos ay ipasabuhay sa lahat ang realidad ng Kanyang mga salita—hindi lamang basta mapagsalita ang lahat tungkol sa realidad, kundi, higit pa riyan, bigyang kakayahan ang lahat na isabuhay ang realidad ng Kanyang mga salita. Ang realidad na nahihiwatigan ng tao ay napakababaw; wala itong halaga at ni hindi nito matutupad ang kalooban ng Diyos. Napakaaba nito at ni hindi nararapat banggitin. Kulang na kulang ito at napakalayo sa mga pamantayan ng mga kinakailangan ng Diyos. Bawat isa sa inyo ay isasailalim sa isang matinding pagsisiyasat upang makita kung sino sa inyo ang nakaaalam lamang kung paano magsalita tungkol sa inyong pagkaunawa nang hindi nagagawang ituro ang landas, gayundin upang matuklasan kung sino sa inyo ang mga walang-silbing basura. Tandaan ito mula ngayon! Huwag magsalita tungkol sa hungkag na kaalaman; magsalita lamang tungkol sa landas ng pagsasagawa at tungkol sa realidad. Ang paglipat mula sa tunay na kaalaman tungo sa tunay na pagsasagawa, at pagkatapos ay paglipat mula sa pagsasagawa tungo sa tunay na pagsasabuhay. Huwag pangaralan ang iba, at huwag magsalita tungkol sa tunay na kaalaman. Kung ang iyong pagkaunawa ay isang landas, malaya kayong magsalita tungkol doon; kung hindi, mangyaring itikom mo ang bibig mo at tumigil ka sa pagsasalita! Walang silbi ang sinasabi mo. Binabanggit mo ang pag-unawa upang linlangin ang Diyos at inggitin ang iba. Hindi ba iyon ang ambisyon mo? Hindi ba sadya mong pinaglalaruan ang iba? Mayroon bang anumang halaga ito? Kung nagsasalita ka tungkol sa pag-unawa pagkatapos mo iyong maranasan, hindi nila iisipin na nagyayabang ka. Kung hindi, isa kang taong nagbubuga ng mga salita ng pagyayabang. Maraming bagay sa iyong totoong karanasan na hindi mo madaig, at hindi ka maaaring maghimagsik laban sa sarili mong laman; palagi mong ginagawa ang gusto mo, hindi mo pinalulugod kailanman ang kalooban ng Diyos—subalit malakas pa rin ang loob mong magsalita tungkol sa teoretikal na pag-unawa. Wala kang kahihiyan! Ang tapang mo pa ring magsalita tungkol sa iyong pagkaunawa sa mga salita ng Diyos. Wala kang

pakundangan! Ang pagdidiskurso at pagyayabang ay naging likas na sa iyo, at nakasanayan mo nang gawin iyon. Tuwing nanaisin mong magsalita, ginagawa mo iyon nang madali, ngunit pagdating sa pagsasagawa, ang dami mong sinasabi. Hindi ba ito isang paraan ng panloloko sa iba? Maaari mong malinlang ang mga tao, ngunit hindi malilinlang ang Diyos. Ang mga tao ay walang kamalayan at walang pagkahiwatig, ngunit seryoso ang Diyos tungkol sa gayong mga bagay, at hindi ka Niya palalampasin. Maaaring mamagitan ang iyong mga kapatid para sa iyo, pupurihin nila ang iyong pagkaunawa at hahangaan ka, ngunit kung wala kang realidad, hindi ka palalampasin ng Banal na Espiritu. Marahil ay hindi ka hahanapan ng mali ng praktikal na Diyos, ngunit hindi ka papansinin ng Espiritu ng Diyos, at sapat ang hirap niyon para pasanin mo. Naniniwala ka ba rito? Magsalita ka pa tungkol sa realidad ng pagsasagawa; nalimutan mo na ba? Magsalita ka pa tungkol sa praktikal na mga landas; nalimutan mo na ba? “Huwag gaanong magsalita tungkol sa matatayog na teorya at walang-halaga at pinalaking usapan; ang pinakamabuting gawin ay magsimulang magsagawa mula ngayon.” Nalimutan mo na ba ang mga salitang ito? Ni hindi mo man lamang ba nauunawaan? Wala ka bang pag-unawa tungkol sa kalooban ng Diyos?

Hinango mula sa “Pagsasagawa Lamang ng Katotohanan ang Pagtataglay ng Realidad” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang mga taong tunay na ginugugol ang kanilang sarili para sa Diyos ay inilalagak ang buo nilang pagkatao sa Kanyang harapan; tunay silang nagpapasakop sa lahat ng Kanyang mga pahayag, at naisasagawa nila ang Kanyang mga salita. Ginagawa nilang pundasyon ng kanilang pag-iral ang mga salita ng Diyos, at nagagawa nilang taimtim na saliksikin ang nilalaman ng mga salita ng Diyos upang alamin kung aling mga bahagi ang isasagawa. Sila yaong mga tao na tunay na namumuhay sa harap ng Diyos. Kung ang iyong ginagawa ay kapaki-pakinabang sa iyong buhay, at sa pamamagitan ng pagkain at pag-inom ng Kanyang mga salita ay matutugunan mo ang mga panloob na pangangailangan at kakulangan

upang magbago ang iyong disposisyon sa buhay, mapapalugod nito ang kalooban ng Diyos. Kung kikilos ka alinsunod sa mga kinakailangan ng Diyos, at kung hindi mo binibigyan ng kasiyahan ang laman kundi sa halip ay pinalulugod mo ang Kanyang kalooban, dito ay nakapasok ka na sa realidad ng Kanyang mga salita. Kapag pinag-uusapan ang tungkol sa mas makatotohanang pagpasok sa realidad ng mga salita ng Diyos, ibig sabihin nito ay kaya mong gampanan ang iyong tungkulin at tugunan ang mga kinakailangan ng Diyos. Ang ganitong mga uri lamang ng praktikal na mga kilos ang matatawag na pagpasok sa realidad ng Kanyang mga salita. Kung nagagawa mong pumasok sa realidad na ito, tataglayin mo ang katotohanan. Ito ang simula ng pagpasok sa realidad; kailangan mo munang magdaan sa pagsasanay na ito, at saka ka lamang makakapasok sa mas malalalim na realidad. Pag-isipan kung paano susundin ang mga kautusan at kung paano maging tapat sa harap ng Diyos; huwag mo palaging isipin kung paano ka makakapasok sa kaharian. Kung hindi magbago ang iyong disposisyon, mawawalan ng silbi ang anumang iniisip mo! Para makapasok sa realidad ng mga salita ng Diyos, kailangan munang maging para sa Diyos ang lahat ng iyong ideya at saloobin—ito ang pinakamalinaw na pangangailangan.

Hinango mula sa “Yaong mga Tunay na Nagmamahal sa Diyos ay Yaong mga Talagang Nagpapasakop sa Kanyang Pagiging Praktikal” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Tungkol sa isa at bawat katotohahan, ang mga tao ay dapat maghanap, subukang tayahin at imbistigahan kung ano ang panloob ng kahulugan ng katotohanan, kung paano isagawa ang aspetong iyon ng katotohanan, at kung paano maaaring mapasok ito – ang mga bagay na ito ang dapat taglayin ng mga tao. Sa lahat ng mga aspeto ng katotohanan na dapat ninyong taglayin, ang nauunawaan lamang ninyo ay ang mababaw na doktrina, ang panlabas na hitsura, at hindi ninyo nauunawaan ang kakanyahan ng katotohanan, dahil hindi pa ninyo nararanasan ito. Halimbawa: Gaano kadaming katotohanan ang napapaloob sa aspeto nang pagsasaganap ng sariling tungkulin? Ang pagmamahal ba ng tao sa

Diyos ay hindi naglalaman ng katotohanan sa loob nito? Upang makilala ang kanilang mga sarili, dapat maunawaan ng mga tao ang maraming katotohanan. Mayroong maraming katotohanan sa kabuluhan at misteryo ng pagkakatawang-tao ng Diyos na dapat ding maunawaan. Mayroong maraming katotohanan napapaloob sa mga usapin tulad nang kung paano dapat sumamba ang mga tao sa Diyos, kung paano sila dapat mamuhay bilang isang tao, kung paano dapat silang sumunod sa Diyos, ano ang dapat nilang gawin upang umayon sa kalooban ng Diyos at kung paanong dapat nilang pagsilbihan ang Diyos. Paano ninyo isasaalang-alang o susubukang tayahin ang mga katanungan sa lahat ng mga aspetong ito ng katotohanan? Mayroon katotohanan na espesyal na malalim sa loob ng isa at bawat aspeto, at kinakailangan nila ang mga tao na maranasan sila. Kung hindi mo mararanasan sila at kailanman kakamutin lamang sa ibabaw ang mga salita, kailanman ay hindi sila tatayahin o mararanasan sa kanilang kailaliman, ikaw ay magpakailanman mabubuhay sa ibabaw ng mga salita, at magiging walang kakayahang magbago.

Hinango mula sa “Tanging ang Paghahabol sa Katotohanan ang Tunay na Paniniwala sa Diyos” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Bilang buod, ang pagtahak sa landas ni Pedro sa pananampalataya ng isang tao ay nangangahulugan ng paglakad sa landas ng paghahabol sa katotohanan, na siya ring landas para tunay niyang makilala ang kanyang sarili at mabago ang kanyang disposisyon. Sa pamamagitan lamang ng paglakad sa landas ni Pedro mapupunta ang isang tao sa landas ng pagiging ginawang perpekto ng Diyos. Dapat maging malinaw sa isang tao kung paano ba talaga lumakad sa landas ni Pedro, gayundin kung paano ito isagawa. Una, dapat munang isantabi ng isang tao ang kanyang mga sariling layunin, mga di-wastong paghahangad, at maging ang kanyang pamilya at lahat ng bagay na para sa kanyang sariling laman. Dapat buong-pusong mag-ukol ang isang tao, na ang ibig sabihin, kailangang ganap niyang ilaan ang kanyang sarili sa salita ng Diyos, magtuon sa pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, tumutok sa paghahanap sa

katotohanan at sa paghahanap sa mga hangarin ng Diyos sa Kanyang mga salita, at subukang maunawaan ang kalooban ng Diyos sa lahat ng bagay. Ito ang pinakapangunahin at ang pinakamahalagang paraan ng pagsasagawa. Ito ang ginawa ni Pedro pagkatapos niyang makita si Jesus, at sa pamamagitan lamang ng pagsasagawa sa ganitong paraan nakakamit ng isa ang pinakamahusay na mga resulta. Ang buong-pusong pagtatalaga sa mga salita ng Diyos ay pangunahing nangangahulugan ng paghahanap sa katotohanan, paghahanap sa hangarin ng Diyos sa loob ng Kanyang mga salita, pagtutuon ng pansin sa pag-unawa sa kalooban ng Diyos, at pag-unawa at pagkakamit ng mas maraming katotohanan mula sa mga salita ng Diyos. Kapag binabasa ang Kanyang mga salita, hindi nakatuon si Pedro sa pag-unawa sa mga doktrina at siya ay lalo pang hindi nakatuon sa pagkakamit ng kaalamang pangteolohiya; sa halip, siya ay nakatuon sa pag-unawa sa katotohanan at pag-unawa sa kalooban ng Diyos, at pagtatamo ng pagkaunawa ng Kanyang disposisyon at ng Kanyang pagiging kaibig-ibig. Sinubukan din niyang unawain ang iba't ibang tiwaling mga kalagayan ng tao mula sa mga salita ng Diyos, at unawain ang tiwaling kalikasan ng tao at ang tunay na mga pagkukulang ng tao, tinatamo ang lahat ng aspeto ng mga hinihiling ng Diyos sa tao upang mapalugod Siya. Nagkaroon siya ng napakaraming wastong mga pagsasagawa sa loob ng mga salita ng Diyos; ito ay halos naaayon sa kalooban ng Diyos, at ito ang pinakamahusay na pakikipagtulungan ng tao sa kanyang karanasan sa gawain ng Diyos. Habang dumaranas ng daan-daang pagsubok ng Diyos, mahigpit niyang sinuri ang kanyang sarili ayon sa bawat salita ng paghatol ng Diyos sa tao, bawat salita ng paghahayag Niya sa tao, at bawat salita ng Kanyang mga kahilingan sa tao, at sinikap na unawain ang kahulugan ng mga pagbikas na iyon. Masigasig niyang pinagnilayan at isinaulo ang bawat salitang sinabi sa kanya ni Jesus, at napakaganda ng nakamtan niyang mga resulta. Sa ganitong paraan ng pagsasagawa, naunawaan niya ang kanyang sarili mula sa mga salita ng Diyos, at hindi lang ang iba't ibang tiwaling kalagayan ng tao ang naunawaan niya, kundi pati na ang diwa, likas na pagkatao, at ang iba't

ibang pagkukulang ng tao. Ito ang kahulugan ng tunay na maunawaan ang sarili. Mula sa mga salita ng Diyos, hindi lamang niya natamo ang tunay na pagkaunawa ukol sa sarili niya, kundi mula sa mga bagay na ipinapahayag sa mga pagbigkas ng Diyos—ang matuwid na disposisyon ng Diyos, kung ano ang mayroon at kung ano Siya, ang kalooban ng Diyos para sa Kanyang gawain, ang Kanyang mga hinihingi sa sangkatauhan—mula sa mga salitang ito nakarating siya sa lubos na pagkakilala sa Diyos. Nakarating siya sa pagkakilala sa disposisyon ng Diyos, at sa Kanyang diwa; nakilala at naunawaan niya kung ano ang mayroon at kung ano ang Diyos, sa pagiging kaibig-ibig ng Diyos at mga hinihingi ng Diyos para sa tao. Bagama't ang Diyos ay hindi gaanong nagsalita noong panahong iyon kagaya ng Kanyang ginagawa sa kasalukuyan, nagkaroon ng bunga kay Pedro sa mga aspetong ito. Ito ay isang bihira at napakahalagang bagay. Dumaan si Pedro sa daan-daang pagsubok, subalit hindi nagdusa nang walang-saysay. Hindi lamang niya naunawaan ang kanyang sarili mula sa mga salita at sa gawa ng Diyos, kundi nakilala rin niya ang Diyos. Dagdag pa riyan, sa mga pagbigkas ng Diyos, nagtuon siya lalo na sa mga hinihingi ng Diyos sa sangkatauhan sa loob ng Kanyang mga salita. Sa alinmang mga aspeto dapat bigyang-kasiyahan ng tao ang Diyos upang makaayon sa kalooban ng Diyos, nagawang magsikap nang husto ni Pedro sa mga aspetong ito at nakamtan ang buong kalinawan; lubhang kapaki-pakinabang patungkol sa sarili niyang pagpasok. Anuman ang pinatungkulan ng Diyos, basta't ang mga salitang iyon ay maaaring maging buhay at ang katotohanan, nakaya ni Pedro na iukit ang mga ito sa kanyang puso upang madalas na pagbulayan at pahalagahan ang mga ito. Matapos mapakinggan ang mga salita ni Jesus nakaya niyang isapuso ang mga ito, na nagpapakita na siya ay espesyal na nakatuon sa mga salita ng Diyos, at tunay na nakamtan niya ang mga resulta sa huli. Ibig sabihin, nakaya niyang malayang isagawa ang mga salita ng Diyos, tumpak na isagawa ang katotohanan at mapahanay sa kalooban ng Diyos, kumilos nang lubusang naaayon sa intensiyon ng Diyos, at isuko ang kanyang sariling personal na mga opinyon at imahinasyon. Sa ganitong paraan,

pumasok si Pedro sa realidad ng mga salita ng Diyos.

Hinango mula sa “Paano Lakaran Ang Landas ni Pedro” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Para maging katulad ng isang Pedro sa dekada 90, nangangahulugan ito na bawat isa sa inyo ay dapat isagawa ang salita ng Diyos, magkaroon ng tunay na pagpasok sa inyong mga karanasan at magkamit ng higit pa at mas dakilang kaliwanagan sa inyong pakikipagtulungan sa Diyos, na magdadala ng higit at higit pang tulong sa sarili ninyong buhay. Kung marami na kayong nabasa sa salita ng Diyos ngunit nauunawaan lamang ninyo ang kahulugan ng teksto at wala kayong personal na kaalaman sa salita ng Diyos sa pamamagitan ng inyong praktikal na mga karanasan, hindi mo malalaman ang salita ng Diyos. Para sa iyo, ang salita ng Diyos ay hindi buhay, kundi mga titik lamang na walang buhay. At kung ang ipamumuhay mo ay mga titik lamang na walang buhay, hindi mo mauunawaan ang diwa ng salita ng Diyos, ni mauunawaan ang Kanyang kalooban. Kapag naranasan mo na ang Kanyang salita sa iyong mga tunay na karanasan, saka lamang kusang mahahayag sa iyo ang espirituwal na kahulugan ng salita ng Diyos, at sa pamamagitan lamang ng karanasan mo mauunawaan ang espirituwal na kahulugan ng maraming katotohanan at mabubuksan ang mga hiwaga ng salita ng Diyos. Kung hindi mo ito isasagawa, gaano man kalinaw ang Kanyang salita, ang tanging naunawaan mo ay mga hungkag na titik at doktrina lamang, na naging mga tuntuning pangrelihiyon na sa iyo. Hindi ba ito ang ginawa ng mga Fariseo? Kung isinasagawa at nararanasan ninyo ang salita ng Diyos, nagiging praktikal ito sa inyo; kung hindi ninyo hinahangad isagawa ito, hihigit lang nang kaunti sa alamat ng ikatlong langit ang salita ng Diyos para sa iyo. Sa katunayan, ang proseso ng paniniwala sa Diyos ay ang proseso ng inyong pagdanas sa Kanyang salita gayundin ang pagiging nakamit Niya, o para mas maliwanag, ang maniwala sa Diyos ay ang magkaroon ng kaalaman at pagkaunawa sa Kanyang salita at ang maranasan at isabuhay ang Kanyang salita; ganyan ang realidad sa likod ng inyong paniniwala sa

Diyos. Kung kayo ay naniniwala sa Diyos at umaasa sa buhay na walang hanggan nang hindi naghahangad na isagawa ang salita ng Diyos bilang isang bagay na nasa inyong kalooban, kayo ay hangal. Magiging para itong pagpunta sa isang piging at pagtingin lamang sa pagkain at pagsasaulo kung alin ang masarap nang hindi man lamang tinitikman ang alinman dito. Hindi ba hangal ang gayong tao?

Hinango mula sa "Sa Sandaling Maunawaan Ninyo ang Katotohanan, Dapat Ninyo Itong Isagawa" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Alinmang aspeto ng katotohanang realidad ang narinig mo, kung pinanghahawakan mo ito, kung isinasagawa mo ang mga salitang ito sa iyong buhay, at ginagamit ang mga ito sa iyong pagsasagawa, tiyak na may pakinabang kang makukuha, at tiyak na magbabago ka. Kung isinisiksik mo lang ang mga salitang ito sa iyong tiyan, at kinakabisado ang mga ito sa iyong ulo, hindi ka kailanman magbabago. Habang nakikinig sa mga sermon, dapat mong pagnilayang mabuti: "Anong uri ng kalagayan ang tinutukoy ng mga salitang ito? Anong aspekto ng diwa ang tinutukoy nila? Sa anong mga bagay ko dapat gamitin ang aspektong ito ng katotohanan? Sa tuwing may gagawin ako na may kinalaman sa aspektong ito ng katotohanan, naisasagawa ko ba ito nang alinsunod dito? At kapag isinasagawa ko na ito, nakaayon ba ang aking kalagayan sa mga salitang ito? Kung hindi, dapat ba akong maghanap, makibahagi, o maghintay?" Nagsasagawa ka ba sa ganitong paraan sa inyong buhay? Kung hindi ganito, walang Diyos at walang katotohanan sa inyong buhay. Nabubuhay kayo batay sa mga titik at doktrina o batay sa inyong sariling mga interes, lakas ng loob, at kasiglahan. Ang mga hindi nagtataglay ng katotohanan bilang realidad ay ang mga walang realidad, at ang mga taong hindi nagtataglay ng mga salita ng Diyos bilang kanilang realidad ay mga taong hindi nakapasok sa Kanyang salita. Nauunawaan ba ninyo ang Aking sinasabi? Pinakamabuti kung nauunawaan ninyo, subalit kahit pa ano ang inyong pagkaunawa sa mga ito, at gaano man karami sa inyong narinig ang inyong naintindihan, ang napakahalagang bagay ay nagagawa mong

ipakilala kung ano ang naunawaan mo sa iyong buhay at isinagawa ito. Doon mo lamang mapapalago ang iyong tayog, at tanging sa sandaling iyon lamang magaganap ang mga pagbabago sa iyong disposisyon.

Hinango mula sa “Ang Pinakasaligang Pagsasagawa ng Pagiging Isang Taong Tapat” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang patuloy na pagsisikap ng mga tao na makapasok sa buhay ay batay sa mga salita ng Diyos. Dati-rati, sinabi na lahat ay isinasakatuparan dahil sa Kanyang mga salita, ngunit walang nakakita sa katotohanang ito. Kung papasok ka sa pagdanas ng kasalukuyang hakbang, magiging malinaw ang lahat sa iyo, at magtatatag ka ng isang magandang pundasyon para sa mga pagsubok sa hinaharap. Anuman ang sabihin ng Diyos, magtuon ka lamang sa pagpasok sa Kanyang mga salita. Kapag sinabi ng Diyos na sisimulan Niyang kastiguhin ang mga tao, tanggapin mo ang Kanyang pagkastigo. Kapag hiniling ng Diyos na mamatay ang mga tao, tanggapin mo ang pagsubok na iyon. Kung palagi kang nabubuhay ayon sa Kanyang pinakabagong mga pahayag, sa huli ay gagawin kang perpekto ng mga salita ng Diyos. Habang mas pumapasok ka sa mga salita ng Diyos, mas mabilis kang gagawing perpekto. Bakit Ko hinihiling, sa sunud-sunod na pagbabahagi, na alamin ninyo at pasukin ang mga salita ng Diyos? Kapag patuloy mong pinagsisikapang matamo at maranasan ang mga salita ng Diyos, at pumapasok ka sa realidad ng Kanyang mga salita, saka lamang magkakaroon ng pagkakataon ang Banal na Espiritu na gumawa sa iyo. Samakatuwid, lahat kayo ay mga kalahok sa bawat pamamaraan ng paggawa ng Diyos, at gaano man kayo nagdurusa, sa huli ay tatanggap kayong lahat ng isang “paalaala.” Upang makamtan ang inyong panghuling pagpeperpekto, kailangan ninyong pumasok sa lahat ng salita ng Diyos. Ang pagpeperpekto ng Banal na Espiritu sa mga tao ay hindi pang-isahan; hinihingi Niyang makipagtulungan ang mga tao, kailangan Niya ang lahat na sadyang makipagtulungan sa Kanya. Anuman ang sabihin ng Diyos, magtuon lamang sa pagpasok sa Kanyang mga salita—magiging mas kapaki-

pakinabang ito sa inyong buhay. Lahat ay para magkaroon ng pagbabago sa inyong disposisyon. Kapag pumasok ka sa mga salita ng Diyos, aantigin Niya ang puso mo, at magagawa mong malaman ang lahat ng nais ng Diyos na matupad sa hakbang na ito ng Kanyang gawain, at magkakaroon ka ng matibay na pagpapasya na tuparin ito. Sa panahon ng pagkastigo, may mga taong naniwala na ito ay isang pamamaraan ng gawain, at hindi sila naniwala sa mga salita ng Diyos. Dahil dito, hindi sila sumailalim sa pagpipino, at lumabas mula sa panahon ng pagkastigo na walang anumang napala o naunawaan. May ilan na talagang pumasok sa mga salitang ito nang wala ni katiting na pagdududa, na nagsabi na ang mga salita ng Diyos ang katotohanang hindi maaaring magkamali at na dapat kastiguhin ang sangkatauhan. Nahirapan sila roon sa loob ng kaunting panahon, pinakakawalan ang kanilang kinabukasan at kanilang tadhana, at paglabas nila, nagkaroon ng kaunting pagbabago sa kanilang disposisyon, at nagtamo sila ng mas malalim na pagkaunawa tungkol sa Diyos. Nadama ng lahat ng nakastigo ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos at natanto nila na ang hakbang na ito ng gawain ay sumasagisag sa dakilang pagmamahal ng Diyos na sumasakanila, na ito ang paglupig at pagliligtas ng pagmamahal ng Diyos. Sinabi rin nila na ang mga iniisip ng Diyos ay palaging mabuti, at na lahat ng ginagawa ng Diyos sa tao ay dahil sa pagmamahal, hindi sa pagkamuhi. Yaong mga hindi naniwala sa mga salita ng Diyos, hindi umasa sa Kanyang mga salita, ay hindi sumailalim sa pagpipino sa panahon ng pagkastigo, at dahil dito, hindi sumakanila ang Banal na Espiritu, at wala silang napala. Para sa mga pumasok sa panahon ng pagkastigo, bagama't sumailalim nga sila sa pagpipino, lihim na gumagawa ang Banal na Espiritu sa kanilang kalooban, at nabago ang disposisyon nila sa buhay dahil dito. Tila ang ilan, paano man tingnan, ay napakapositibo, puno ng saya buong araw, ngunit hindi sila pumasok sa kalagayan ng pagpipino ng mga salita ng Diyos at kaya ni hindi man lang nagbago, na siyang naging bunga ng hindi paniniwala sa mga salita ng Diyos. Kung hindi mo pinaniniwalaan ang mga salita ng Diyos, hindi gagawa sa iyo ang Banal na Espiritu. Nagpapakita ang Diyos sa lahat ng

naniniwala sa Kanyang mga salita, at yaong naniniwala at tumatanggap sa Kanyang mga salita ay makakamtan ang Kanyang pagmamahal!

Hinango mula sa “Ang mga Taong Nagbago Na ang Disposisyon ay Yaong mga Nakapasok Na sa Realidad ng mga Salita ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa paniniwala sa Diyos, kung nais ng mga tao na baguhin ang kanilang disposisyon, hindi nila dapat ihiwalay ang kanilang sarili mula sa tunay na pamumuhay. Sa tunay na pamumuhay, kailangan mong kilalanin ang iyong sarili, talikuran ang iyong sarili, isagawa ang katotohanan, at matutuhan din ang mga prinsipyo, sentido kumon, at mga panuntunan ng sariling pag-uugali sa lahat ng bagay bago mo magawang unti-unting magbago. Kung pagtutuunan mo lamang ang teoretikal na kaalaman at mabubuhay ka lamang sa mga relihiyosong seremonya nang hindi inaarok nang malalim ang realidad, nang hindi pumapasok sa tunay na pamumuhay, hindi mo kailanman mapapasok ang realidad, hindi mo kailanman makikilala ang iyong sarili, ang katotohanan, o ang Diyos, at magiging bulag at mangmang ka magpakailanman. Ang gawain ng pagliligtas ng Diyos sa mga tao ay hindi upang tulutan silang mamuhay nang normal pagkaraan ng maikling panahon, ni hindi para baguhin ang kanilang mga maling pagkaintindi at doktrina. Sa halip, ang Kanyang layunin ay baguhin ang dati nilang mga disposisyon, baguhin nang ganap ang dati nilang paraan ng pamumuhay, at baguhin ang lahat ng makalumang paraan ng kanilang pag-iisip at pananaw. Ang pagtutuon lamang sa buhay iglesia ay hindi mababago ang mga dating gawi ng mga tao sa buhay o mababago ang mga pamamaraan ng pamumuhay na nakasanayan nila sa mahabang panahon. Anuman ang mangyari, hindi dapat mahiwalay ang mga tao mula sa tunay na pamumuhay. Hinihiling ng Diyos na mamuhay nang normal bilang tao ang mga tao sa tunay na pamumuhay, hindi lamang sa buhay iglesia; na isabuhay nila ang katotohanan sa tunay na pamumuhay, hindi lamang sa buhay iglesia; at na tuparin nila ang kanilang mga tungkulin sa tunay na pamumuhay, hindi lamang sa buhay iglesia. Upang makapasok sa realidad, kailangang ibaling

ng isang tao ang lahat sa tunay na pamumuhay. Kung, sa paniniwala sa Diyos, hindi makilala ng mga tao ang kanilang sarili sa pamamagitan ng pagpasok sa tunay na pamumuhay, at kung hindi sila makapamuhay nang normal bilang tao sa tunay na pamumuhay, mabibigo sila. Yaong mga sumusuway sa Diyos ay pawang mga taong hindi makakapasok sa tunay na pamumuhay. Sila ay pawang mga taong nagsasalita tungkol sa pagiging makatao, ngunit isinasabuhay ang likas na pagkatao ng mga demonyo. Sila ay pawang mga taong nagsasalita tungkol sa katotohanan, ngunit sa halip ay isinasabuhay ang mga doktrina. Yaong mga hindi makayang isabuhay ang katotohanan sa tunay na pamumuhay ay yaong mga naniniwala sa Diyos, ngunit kinasusuklaman at inaayawan Niya. Kailangan mong isagawa ang iyong pagpasok sa tunay na pamumuhay, alamin ang iyong mga kakulangan, pagsuway, at kamangmangan, at alamin ang iyong abnormal na pagkatao at mga kahinaan. Sa gayong paraan, ang iyong kaalaman ay mapag-iisa sa iyong aktwal na kalagayan at mga paghihirap. Ang klaseng ito lamang ng kaalaman ang tunay at maaaring magtulot sa iyo na tunay na maunawaan ang iyong sariling kalagayan at mabago ang iyong disposisyon.

Hinango mula sa “Pagtalakay sa Buhay Iglesia at sa Tunay na Buhay” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

27. Ang mga Prinsipyo ng Pagsasabuhay ng mga Salita ng Diyos

(1) Kinakailangang isagawa at maranasan ang mga salita ng Diyos at malaman ang mga ito. Ang gawin ito ay alamin kung paano isakatuparan ang mga salita ng Diyos sa tunay na buhay at kung paano isabuhay ang mga ito.

(2) Kinakailangang hanapin ang katotohanan sa lahat ng suliranin. Kapag ginagamit ng isang tao ang katotohanan upang lutasin ang mga problema, may landas sila kung saan magsasagawa at papasok, at hindi sila mahihiwalay sa mga salita ng Diyos;

(3) Kinakailangang tingnan ang mga tao at bagay na isinasaalang-

alang ang mga salita ng Diyos, at maunawaan ang katotohanan at kumilos nang may prinsipyo. Kapag ginawa ito, madadala sa tunay na buhay ang mga salita ng Diyos;

(4) Sa gitna ng mga pagsubok at matitinding pagtitiis, dapat palaging manalangin ang isang tao sa Diyos at maghintay sa Kanya. Sa pamamagitan ng kaliwanagan at patnubay ng Kanyang mga salita, may isang landas na susundan.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Simple man o malalim sa tingin ang mga salitang sinasambit ng Diyos, lahat ng iyon ay mga katotohanang kailangang-kailangan ng tao habang pumapasok siya sa buhay; ang mga iyon ang pinagmumulan ng tubig na buhay na nagbibigay sa tao ng kakayahang mabuhay kapwa sa espiritu at laman. Ipinagkakaloob ng mga ito ang kailangan ng tao para manatiling buhay; ang mga prinsipyo at doktrina para pangasiwaan ang kanyang pang-araw-araw na buhay; ang landas, layunin, at direksyong kailangan niyang daanan para makatanggap ng kaligtasan; bawat katotohanan na dapat niyang taglayin bilang isang nilikha sa harapan ng Diyos; at bawat katotohanan tungkol sa kung paano sumusunod ang tao at sumasamba sa Diyos. Ang mga iyon ang garantiya na tumitiyak ng pananatiling buhay ng tao, ang mga iyon ang pang-araw-araw na tinapay ng tao, at ang mga iyon din ang matibay na suportang nagbibigay-kakayahan sa tao na maging malakas at manindigan. Sagana ang mga iyon sa katotohanang realidad ng normal na pagkatao ayon sa pagsasabuhay rito ng nilikhang sangkatauhan, sagana sa katotohanang nagpapalaya sa sangkatauhan mula sa katiwalian at iniiwas sila sa mga patibong ni Satanas, sagana sa walang-pagod na pagtuturo, pangaral, paghihikayat, at pag-aliw na ibinibigay ng Lumikha sa nilikhang sangkatauhan. Ang mga iyon ang mga parolang gumagabay at nagbibigay liwanag sa mga tao para maunawaan ang lahat ng positibo, ang garantiya na tumitiyak na isasabuhay at tataglayin ng mga tao ang lahat ng matuwid at mabuti, ang pamantayan kung saan lahat ng tao, kaganapan, at bagay ay sinusukat, at pananda rin sa paglalakbay na nag-aakay sa mga tao tungo sa kaligtasan at sa landas

ng liwanag. Sa praktikal na pagdanas lamang sa mga salita ng Diyos maaaring tustusan ng katotohanan at buhay ang tao; dito lamang maaaring maunawaan ng tao kung ano ang normal na pagkatao, ano ang isang makabuluhang buhay, ano ang isang tunay na nilalang, ano ang tunay na pagsunod sa Diyos; dito lamang maaaring maunawaan ng tao kung paano niya dapat pagmalasakitan ang Diyos, paano tuparin ang tungkulin ng isang nilalang, at paano magtaglay ng wangis ng isang tunay na tao; dito lamang maaaring maunawaan ng tao kung ano ang ibig sabihin ng tunay na pananampalataya at tunay na pagsamba; dito lamang maaaring maunawaan ng tao kung sino ang Hari ng kalangitan at lupa at lahat ng bagay; dito lamang maaaring maunawaan ng tao ang kaparaanang gamit Niya na siyang Panginoon ng lahat ng nilikha sa paghahari, pamumuno, at paglalaan para sa mga nilikha; at dito lamang maaaring maunawaan at maintindihan ng tao ang kaparaanang gamit Niya na Panginoon ng lahat ng nilikha sa pag-iral, pagpapakita, at paggawa. Hiwalay sa tunay na karanasan sa mga salita ng Diyos, walang tunay na kaalaman o kabatiran ang tao sa mga salita ng Diyos at sa katotohanan. Ang gayong tao ay talagang isang buhay na bangkay, isang lalagyang walang kalaman-laman, at lahat ng kaalamang may kaugnayan sa Lumikha ay walang anumang kinalaman sa kanya. Sa mga mata ng Diyos, ang gayong tao ay hindi naniwala sa Kanya kailanman, ni hindi sumunod sa Kanya kailanman, kaya nga hindi rin siya kinikilala ng Diyos bilang Kanyang mananampalataya o Kanyang tagasunod, lalong hindi bilang isang tunay na nilalang.

Hinango mula sa “Pagkilala sa Diyos ang Landas tungo sa Pagkakaroon ng Takot sa Diyos at Pag-iwas sa Kasamaan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Malayang naibigay ng Diyos ang Kanyang buhay at lahat ng mayroon Siya at kung ano Siya sa mga tao para maipamuhay nila ito, para makapagbago sila kung ano ang mayroon at kung ano ang Diyos at ang katotohanang ipinagkakaloob Niya sa kanila sa direksyon at landas na susundan nila sa buhay, ibig sabihin, makakaasa sila rito para mabuhay at gawing buhay nila ang Kanyang mga salita. Kaya, masasabi ba natin na

malayang naipagkaloob ng Diyos ang Kanyang buhay sa mga tao, sa gayo'y nagiging buhay nila ito? Kung gayo'y ano ang natamo ng mga tao mula sa Diyos? Ang inaasahan ng Diyos? Ang pangako ng Diyos? O ano? Ang natamo nila mula sa Diyos ay hindi hungkag na mga salita, kundi ang buhay ng Diyos! Dagdag pa sa pagkakaloob ng buhay sa mga tao, ang isang ipinagagawa Niya sa kanila ay na kunin nila ang buhay na ito na ipinagkaloob ng Diyos, gawin itong sarili nilang buhay, at ipamuhay ito. Kapag nakikita ng Diyos na namumuhay ang mga tao sa ganitong paraan, nasisiyahan Siya. Ito lamang ang hinihiling ng Diyos. Sa gayon, ang natatamo ng mga tao mula sa Diyos ay walang kasinghalaga, at, habang ipinagkakaloob ng Diyos ang pinakamahalagang bagay na ito sa tao, walang napapala ang Diyos; ang pinakamalaking nakikinabang ay ang sangkatauhan. Ang mga tao ang umaani ng pinakamalaking pakinabang; sila ang may pinakamaraming pakinabang. Habang tinatanggap ang buhay ng Diyos bilang sarili nilang buhay, nauunawaan din ng mga tao ang katotohanan, natatamo ang mga prinsipyo kung ano ang maging tao, tinutubuan ng mga ugat na kailangan nila para maging tao, at natatamo ang direksyong kailangan nilang tahakin para maging tao. Hindi na sila nalilinlang at nagagapos ni Satanas, hindi na nalilinlang at nagagamit ng masasamang tao, at hindi na narurumihan, nadudungisan, nagagapos, o natutukso ng masasamang uso. Malayang nabubuhay ang mga tao sa pagitan ng langit at lupa, at lumalaya sila. Hindi na sila nakakulong o nakadarama ng sakit. Wala nang mga paghihirap, malaya silang nabubuhay at nagagawa nilang mamuhay nang tunay sa ilalim ng kapangyarihan ng Diyos, hindi na mapapahamak sa anumang kasamaan o mga puwersa ng kadiliman. Ibig sabihin, habang namumuhay sila nang ganito, na itinuturing ang buhay na ito na sarili nilang buhay, hindi na sila dumaranas ng anumang sakit, bagkus ay namumuhay sila nang masaya at walang paghihirap; namumuhay sila nang malaya at may normal na pakikipag-ugnayan sa Diyos. Hindi na sila makapaghihimagsik o makakakontra sa Diyos; bagkus, maaari silang mamuhay nang tunay sa ilalim ng kapangyarihan ng Diyos. Namumuhay sila nang tama at wasto,

mula sa loob palabas, at nagiging tunay na mga tao.

Hinango mula sa “Ang Tao ang Pinakamalaki ang Pakinabang sa Plano ng Pamamahala ng Diyos” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung madalas kang makakakain at makakainom ng mga salita ng Diyos at makakasunod sa Kanyang kalooban at maisasagawa ang Kanyang mga salita, nabibilang ka sa Diyos, at ikaw ay isang taong namumuhay ayon sa Kanyang mga salita. Handa ka bang tumakas mula sa sakop ni Satanas at mabuhay sa liwanag ng Diyos? Kung namumuhay ka ayon sa mga salita ng Diyos, magkakaroon ng pagkakataon ang Banal na Espiritu na gampanan ang Kanyang gawain; kung nabubuhay ka sa ilalim ng impluwensya ni Satanas, hindi mo mabibigyan ng gayong pagkakataon ang Banal na Espiritu. Ang gawaing ginagampanan ng Banal na Espiritu sa mga tao, ang liwanag na Kanyang pinasisikat sa kanila, ang tiwalang ibinibigay Niya sa kanila ay tumatagal lamang nang isang saglit; kung ang mga tao ay hindi maingat at hindi nag-uukol ng pansin, lalampasan sila ng gawain ng Banal na Espiritu. Kung namumuhay ang mga tao ayon sa mga salita ng Diyos, sasakanila ang Banal na Espiritu at gagawaan sila. Kung ang mga tao ay hindi namumuhay ayon sa mga salita ng Diyos, nabubuhay sila sa mga gapos ni Satanas. Kung nabubuhay ang mga tao na may mga tiwaling disposisyon, wala sa kanila ang presensya o gawain ng Banal na Espiritu. Kung namumuhay ka ayon sa mga salita ng Diyos, at kung nabubuhay ka sa kalagayang hinihingi ng Diyos, nabibilang ka sa Kanya, at gagawaan ka Niya; kung hindi ka namumuhay ayon sa mga hinihingi ng Diyos, kundi sa halip ay nabubuhay ka sa ilalim ng sakop ni Satanas, tiyak na namumuhay ka ayon sa katiwalian ni Satanas. Kapag namuhay ka ayon sa mga salita ng Diyos at ibinigay mo ang iyong puso sa Kanya, saka mo lamang matutugunan ang Kanyang mga hinihingi; kailangan mong gawin ang sinasabi ng Diyos, gawing pundasyon ng iyong pag-iral at realidad ng iyong buhay ang Kanyang mga pahayag; saka ka lamang mapapabilang sa Diyos. Kung talagang namumuhay ka alinsunod sa kalooban ng Diyos, gagawaan ka ng Diyos at sa gayon ay mabubuhay

ka sa ilalim ng Kanyang mga pagpapala, sa liwanag ng Kanyang mukha; mauunawaan mo ang gawaing ginagampanan ng Banal na Espiritu at madarama ang kagalakan ng presensya ng Diyos.

Hinango mula sa “Tumakas Mula sa Impluwensya ng Kadiliman, at Kakamtin Ka ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang mga nananampalataya sa Diyos ay dapat man lamang kumilos nang maayos sa labas; ang pinakamahalaga sa lahat ay ang mag-angkin ng mga salita ng Diyos. Anuman ang mangyari, hindi ka maaaring tumalikod kailanman mula sa Kanyang mga salita. Ang pagkilala sa Diyos at pagtupad sa Kanyang mga layunin ay nakakamit na lahat sa pamamagitan ng Kanyang mga salita. Sa hinaharap, bawat bansa, denominasyon, relihiyon, at sektor ay malulupig sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos. Magsasalita nang tuwiran ang Diyos, at lahat ng tao ay hahawakan ang mga salita ng Diyos sa kanilang mga kamay, at sa pamamagitan nito, magagawang perpekto ang sangkatauhan. Sa loob at sa labas, ang mga salita ng Diyos ay lumalaganap saanman: Sasambitin ng bibig ng sangkatauhan ang mga salita ng Diyos, magsasagawa alinsunod sa mga salita ng Diyos, at iingatan sa kalooban ang mga salita ng Diyos, na nananatiling babad sa mga salita ng Diyos kapwa sa kilos at kalooban. Sa ganito magagawang perpekto ang sangkatauhan. Yaong mga tumutupad sa mga layunin ng Diyos at nagagawang magpatotoo sa Kanya, ito ang mga taong nagtataglay ng mga salita ng Diyos bilang kanilang realidad.

Ang pagpasok sa Kapanahunan ng Salita—ang Kapanahunan ng Milenyong Kaharian—ang gawaing isinasakatuparan ngayon. Mula ngayon, magsanay ng pagbabahagi tungkol sa mga salita ng Diyos. Tanging sa pagkain at pag-inom gayundin sa pagdanas ng mga salita ng Diyos mo maaaring isabuhay ang mga salita ng Diyos. Kailangan mong makagawa ng kaunting praktikal na karanasan upang makumbinsi ang iba. Kung hindi mo maisasabuhay ang realidad ng mga salita ng Diyos, walang mahihimok! Lahat ng kinakasangkapan ng Diyos ay maaaring isabuhay

ang realidad ng mga salita ng Diyos. Kung hindi ka makalilikha ng realidad na ito at makakapagpatotoo sa Diyos, nagpapakita ito na hindi nakagawa sa iyo ang Banal na Espiritu, at na hindi ka pa nagawang perpekto. Ito ang kahalagahan ng mga salita ng Diyos. Mayroon ka bang pusong uhaw sa mga salita ng Diyos? Yaong mga uhaw sa mga salita ng Diyos ay uhaw sa katotohanan, at ang gayong mga tao lamang ang pinagpapala ng Diyos. Sa hinaharap, marami pang salitang sasabihin ang Diyos sa lahat ng relihiyon at lahat ng denominasyon. Nagsasalita muna Siya at bumibigkas ng Kanyang tinig sa inyo upang gawin kayong ganap bago magpatuloy sa pagsasalita at pagbigkas ng Kanyang tinig sa mga Gentil upang lupigin sila. Sa pamamagitan ng Kanyang mga salita, lahat ay taos-puso at lubos na makukumbinsi. Sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos at sa Kanyang mga paghahayag, nababawasan ang tiwaling disposisyon ng tao, nagtatamo siya ng anyo ng isang tao, at nababawasan ang kanyang masuwaying disposisyon. Ang mga salita ay gumagawa sa taong may awtoridad at nilulupig ang tao sa loob ng liwanag ng Diyos. Ang gawaing ginagawa ng Diyos sa kasalukuyang kapanahunan, gayundin ang mga oras ng pagpapasiya tungkol sa Kanyang gawain, ay matatagpuang lahat sa loob ng Kanyang mga salita. Kung hindi mo babasahin ang Kanyang mga salita, wala kang mauunawaan. Sa pamamagitan ng iyong sariling pagkain at pag-inom ng Kanyang mga salita, at pakikibahagi sa iyong mga kapatid at sa iyong aktwal na mga karanasan, matatamo mo ang buong kaalaman ng mga salita ng Diyos. Saka mo lamang magagawang tunay na maisabuhay ang realidad ng mga ito.

Hinango mula sa “Ang Kapanahunan ng Kaharian ay ang Kapanahunan ng Salita” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kailangan ninyong abalahin ang inyong sarili sa pagiging payapa lamang sa Aking harapan. Manatiling malapit na nakikipagniig sa Akin, magsaliksik pa kung saan hindi kayo nakakaunawa, mag-alay ng mga panalangin, at maghintay sa Aking panahon. Tingnan nang malinaw ang lahat mula sa espiritu. Huwag kumilos nang padalus-dalos, para hindi ka

maligaw ng landas. Sa ganitong paraan lamang tunay na magkakaroon ng bunga ang iyong pagkain at pag-inom ng Aking mga salita. Kumain at uminom ng Aking mga salita nang malimit, pagnilayan ang Aking sinabi, bigyang-pansin ang pagsasagawa ng Aking mga salita, at isabuhay ang realidad ng Aking mga salita; ito ang mahalagang isyu. Ang proseso ng pagtatayo ng iglesia ay proseso rin ng paglago sa buhay. Kung ang iyong buhay ay huminto sa paglago, hindi ka maitatayo. Umaasa sa pagiging natural, sa laman, sa kasigasigan, sa mga ambag, sa mga kwalipikasyon; gaano ka man kagaling, kung umaasa ka sa mga bagay na ito hindi ka itatayo. Kailangan mong mabuhay ayon sa mga salita ng buhay, mabuhay ayon sa kaliwanagan at tanglaw mula sa Banal na Espiritu, alamin ang iyong tunay na sitwasyon, at maging isang taong nabago. Kailangan mong magkaroon ng kaparehong kabatiran sa espiritu, magkaroon ng bagong kaliwanagan, at makasabay sa bagong liwanag. Kailangan mong makayang walang-humpay na lumapit sa Akin at makipag-usap sa Akin, makayang ibatay ang iyong mga kilos sa pang-araw-araw na buhay sa Aking mga salita, makayang makisama nang wasto sa lahat ng uri ng mga tao, pangyayari, at bagay batay sa Aking mga salita, at gawing pamantayan mo ang Aking mga salita at isabuhay ang Aking disposisyon sa lahat ng aktibidad sa buhay mo.

Hinango mula sa “Kabanata 21” ng Mga Pagbigkas ni Cristo sa Pasimula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kailangan mo munang lutasin ang lahat ng paghihirap sa iyong kalooban sa pamamagitan ng pag-asa sa Diyos. Wakasan ang iyong masamang disposisyon at kayanin na tunay na maunawaan ang iyong sariling kalagayan at alamin kung paano ka dapat kumilos; patuloy na makibahagi tungkol sa anumang bagay na hindi mo nauunawaan. Hindi katanggap-tanggap na hindi makilala ng isang tao ang kanyang sarili. Paghilumin mo muna ang sarili mong karamdaman, at, sa pagkain at pag-inom ng Aking mga salita nang mas madalas at pagbubulay-bulay tungkol sa mga ito, mabuhay at gawin ang iyong mga gawa batay sa Aking mga

salita; nasa bahay ka man o nasa ibang lugar, dapat mong tulutan ang Diyos na gumamit ng kapangyarihan sa iyong kalooban. Iwaksi ang laman at pagiging natural. Laging hayaang magkaroon ng kapamahalaan ang mga salita ng Diyos sa iyong kalooban. Hindi kailangang mag-alala na hindi nagbabago ang buhay mo; pagdating ng panahon, madarama mo na malaki ang ipinagbago ng iyong disposisyon. Dati, sabik kang maging sikat, hindi mo sinunod ang sinuman o kaya nama'y ambisyoso ka, mapagmagaling, o mapagmataas—unti-unting maaalis sa iyo ang mga bagay na ito. Kung nais mong iwaksi ang mga iyon ngayon mismo, imposible iyan! Ito ay dahil hindi hahayaan ng dati mong pagkatao ang iba na salingin ito, napakalalim ng mga ugat niyon. Kaya, kailangan mong magsagawa ng sariling pagsisikap, positibo at aktibong sundin ang gawain ng Banal na Espiritu, gamitin ang iyong kalooban upang makipagtulungan sa Diyos, at maging handang isagawa ang Aking mga salita. … Huwag kang magmagaling; humugot sa mga kalakasan ng iba para mapunan ang sarili mong mga kakulangan, panoorin kung paano nabubuhay ang iba ayon sa mga salita ng Diyos; at tingnan kung nararapat tularan ang kanilang buhay, kilos, at pananalita. Kung itinuturing mong mas hamak ang iba kaysa sa iyo, ikaw ay mapagmagaling, palalo, at walang pakinabang sa iba. Ang mahalaga ngayon ay magtuon sa buhay, kumain at uminom pa ng Aking mga salita, danasin ang Aking mga salita, alamin ang Aking mga salita, gawing tunay na buhay mo ang Aking mga salita—ito ang mga pangunahing bagay. Kung hindi kaya ng isang tao na mamuhay ayon sa mga salita ng Diyos, lalago ba ang kanilang buhay? Hindi, hindi nito kaya. Kailangan mong mamuhay ayon sa Aking mga salita sa lahat ng oras at gawing panuntunan ng pag-uugali sa buhay ang Aking mga salita, upang madama mo na ang pagkilos ayon sa panuntunang iyon ay nakakagalak sa Diyos, at ang pagkilos sa ibang paraan ay kinamumuhian ng Diyos; at unti-unti, makakatahak ka sa tamang landas.

Hinango mula sa "Kabanata 22" ng Mga Pagbigkas ni Cristo sa Pasimula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang layunin ng pag-unawa at pagsasabuhay ng mga tao ng katotohanan ay upang maisabuhay nila ang katotohanan, at gawin ang mga katotohanang nauunawaan nila at maisasawa ang kanilang buhay. Anong ibig sabihin ng gawin silang iyong buhay? Nangangahulugan itong sila ay nagiging pundasyon at pinagmumulan ng iyong mga kilos, iyong buhay, iyong pag-uugali, at iyong pag-iral—binabago nila ang paraan ng iyong pamumuhay. Sa ano ang namumuhay ang mga tao dati? May pananampalataya man sila o wala, hindi sila namumuhay sa mga salita ng Diyos o katotohanan. Iyon ba ang paraan na dapat mamuhay ang isang nilikhang nilalang? Ano ang hinihiling ng Diyos sa tao? (Na ang mga tao ay mamuhay sa pamamagitan ng Kanyang mga salita.) Ang pamumuhay sa mga salita ng Diyos—ito ang layunin na dapat taglayin ng mga taong tunay na naniniwala sa Kanya; ganito dapat mabuhay ang isang nilikha. Sa mga mata ng Diyos, ang gayong mga tao ay tunay nilikhang nilalang. Kaya, palagian dapat ninyong pag-isipan kung alin sa iyong mga salita, alin sa iyong mga aksyon, at alin sa mga prinsipyo ng iyong pag-uugali, ang mga hangarin ng iyong pag-iral, at ang mga paraan kung paano ka kumilos ang umaayon sa Diyos, alin ang alinsunod sa hinihiling sa iyo ng Diyos, at alin ang walang kaugnayan sa mga salita at hinihiling ng Diyos. Kung madalas mong iniisip ang mga bagay na ito, unti-unti mong makakamtan ang pagpasok. Kung hindi mo pinag-iisipan ang mga bagay na ito, bale-wala lamang ang paggawa ng kababawan na pagsisikap kung gayon; ang paggawa ng mga kinagawian, pagsunod sa mga panuntunan, at pagsali sa seremonya ay magdadala sa iyo sa kahit saan sa huli. Kaya't ano ano kung ganun ang pananampalataya sa Diyos? Ang pananampalataya sa Diyos sa katunayan ay ang proseso ng pagbabago mula sa taong sinira ni Satanas, patungong, sa mata ng Diyos, isang tunay na nilikhang nilalang.

Hinango mula sa "Nagmumula ang Landas sa Madalas na Pagninilay-Nilay sa Katotohanan" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang hinihingi ng Diyos sa tao ay ang tanging pagmamahal nila; hinihiling Niya na maging abala ang tao sa Kanyang mga salita at

magkaroon ng pusong puno ng pagmamahal para sa Kanya. Ang mamuhay ayon sa mga salita ng Diyos, saliksikin ang Kanyang mga salita para sa yaong dapat nilang hanapin, mahalin ang Diyos dahil sa Kanyang mga salita, kumilos para sa Kanyang mga salita, mabuhay para sa Kanyang mga salita—ito ang mga mithiing dapat pagsikapang makamtan ng tao. Lahat ay kailangang maitatag sa mga salita ng Diyos; saka lamang magagawang tugunan ng tao ang mga hinihingi ng Diyos. Kung ang tao ay hindi nasasangkapan ng mga salita ng Diyos, isa lamang siyang uod na nalulukuban ni Satanas! Timbangin mo ito: Gaano karaming salita ng Diyos ang nag-ugat na sa iyong kalooban? Aling mga bagay ang ipinamumuhay mo alinsunod sa Kanyang mga salita? Aling mga bagay ang hindi mo naipamumuhay alinsunod sa mga ito? Kung hindi ka pa lubos na napuno ng mga salita ng Diyos, ano ba talaga ang laman ng iyong puso? Sa iyong pang-araw-araw na buhay, kinokontrol ka ba ni Satanas, o puno ka ba ng mga salita ng Diyos? Ang Kanya bang mga salita ang pundasyon ng iyong mga dalangin? Nakalabas ka na ba mula sa iyong negatibong kalagayan sa tulong ng kaliwanagang dulot ng mga salita ng Diyos? Ang gawing pundasyon ng iyong buhay ang mga salita ng Diyos—ito ang dapat pasukin ng lahat. Kung wala ang Kanyang mga salita sa iyong buhay, nabubuhay ka sa ilalim ng impluwensya ng kadiliman, naghihimagsik ka laban sa Diyos, nilalabanan mo Siya, at inilalagay mo sa kahihiyan ang Kanyang pangalan. Ang paniniwala sa Diyos ng gayong mga tao ay puro kalokohan at panggugulo lamang. Gaano kalaking bahagi ng iyong buhay ang naipamuhay mo alinsunod sa Kanyang mga salita? Gaano kalaking bahagi ng iyong buhay ang hindi mo naipamuhay alinsunod sa Kanyang mga salita? Gaano kalaking bahagi ng hinihingi sa iyo ng salita ng Diyos ang natupad na sa iyo? Gaano kalaki ang nawala sa iyo? Nasuri mo na ba nang husto ang mga bagay na ito?

Hinango mula sa “Tumakas Mula sa Impluwensya ng Kadiliman, at Kakamtin Ka ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung wala ang mga salita ng Diyos bilang iyong realidad, wala kang

tunay na tayog. Pagdating ng panahon ng pagsubok, tiyak na babagsak ka, at pagkatapos ay mabubunyag ang iyong tunay na tayog. Ngunit yaong mga regular na naghahangad na pumasok sa realidad, kapag puno ng mga pagsubok, ay nauunawaan ang layunin ng gawain ng Diyos. Ang isang taong may konsiyensya, at nauuhaw sa Diyos, ay dapat gumawa ng praktikal na pagkilos upang masuklian ang Diyos sa Kanyang pagmamahal. Yaong mga walang realidad ay hindi makakatayo nang matatag kahit sa harap ng walang-kuwentang mga bagay. Gayon ang pagkakaiba sa pagitan ng mga may tunay na tayog at ng mga wala. Bakit kaya ang ilan, bagama't sila ay kapwa kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, ay nagagawang tumayo nang matatag sa gitna ng mga pagsubok, samantalang ang iba ay tumatakas? Ang malinaw na pagkakaiba ay na walang tunay na tayog ang ilan; wala sa kanila ang mga salita ng Diyos upang magsilbing kanilang realidad, at ang Kanyang mga salita ay hindi nag-ugat sa kanilang kalooban. Kapag sinubukan na sila, narating na nila ang dulo ng kanilang landas. Kung gayon, bakit nagagawang manindigan ng ilan sa gitna ng mga pagsubok? Dahil ba sa nauunawaan nila ang katotohanan at mayroon silang isang pangitain, at nauunawaan nila ang kalooban ng Diyos at ang Kanyang mga hinihiling, at sa gayon ay nagagawa nilang manindigan sa oras ng mga pagsubok. Ito ay tunay na tayog, at ito rin ay buhay. Maaari ding basahin ng ilan ang mga salita ng Diyos, ngunit hindi ito isinasagawa, hindi sineseryoso ang mga ito; yaong mga hindi sineseryoso ang mga ito ay hindi pinahahalagahan ang pagsasagawa. Yaong mga walang mga salita ng Diyos para magsilbing kanilang realidad ay yaong mga walang tunay na tayog, at ang gayong mga tao ay hindi makapanindigan nang matatag sa oras ng mga pagsubok.

Hinango mula sa "Ang Kapanahunan ng Kaharian ay ang Kapanahunan ng Salita" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Dumaan si Pedro sa daan-daang pagsubok, subalit hindi nagdusa nang walang-saysay. Hindi lamang niya naunawaan ang kanyang sarili mula sa mga salita at sa gawa ng Diyos, kundi nakilala rin niya ang Diyos.

Dagdag pa riyan, sa mga pagbigkas ng Diyos, nagtuon siya lalo na sa mga hinihingi ng Diyos sa sangkatauhan sa loob ng Kanyang mga salita. Sa alinmang mga aspeto dapat bigyang-kasiyahan ng tao ang Diyos upang makaayon sa kalooban ng Diyos, nagawang magsikap nang husto ni Pedro sa mga aspetong ito at nakamtan ang buong kalinawan; lubhang kapaki-pakinabang patungkol sa sarili niyang pagpasok. Anuman ang pinatungkulan ng Diyos, basta't ang mga salitang iyon ay maaaring maging buhay at ang katotohanan, nakaya ni Pedro na iukit ang mga ito sa kanyang puso upang madalas na pagbulayan at pahalagahan ang mga ito. Matapos mapakinggan ang mga salita ni Jesus nakaya niyang isapuso ang mga ito, na nagpapakita na siya ay espesyal na nakatuon sa mga salita ng Diyos, at tunay na nakamtan niya ang mga resulta sa huli. Ibig sabihin, nakaya niyang malayang isagawa ang mga salita ng Diyos, tumpak na isagawa ang katotohanan at mapahanay sa kalooban ng Diyos, kumilos nang lubusang naaayon sa intensiyon ng Diyos, at isuko ang kanyang sariling personal na mga opinyon at imahinasyon. Sa ganitong paraan, pumasok si Pedro sa realidad ng mga salita ng Diyos. Ang serbisyo ni Pedro ay kahanay sa kalooban ng Diyos, una sa lahat, dahil ginawa niya na ito.

Kung ang isang tao ay kayang bigyang-kasiyahan ang Diyos habang tinutupad ang kanyang tungkulin, may prinsipyo sa mga salita at kilos niya, at kayang pumasok sa katotohanang realidad ng lahat ng aspeto ng katotohanan, siya ay isang taong gagawing perpekto ng Diyos. Masasabi na ang gawain at mga salita ng Diyos ay lubos na naging mabisa para sa gayong mga tao, na ang mga salita ng Diyos ay naging mga buhay nila, na nakamit na nila ang katotohanan, at na nagagawa nilang mabuhay alinsunod sa mga salita ng Diyos. Pagkatapos nito, ang kalikasan ng kanilang laman—iyon ay, ang pinakasaligan ng kanilang orihinal na pag-iral—ay mayayanig at mabubuwal. Pagkatapos taglayin ng mga tao ang mga salita ng Diyos bilang kanilang buhay, magiging mga bagong tao sila. Kung ang mga salita ng Diyos ay maging buhay nila, kung ang pangitain ng gawain ng Diyos, ang Kanyang mga kinakailangan mula sa sangkatauhan,

ang Kanyang mga pahayag sa tao, at ang mga pamantayan para sa isang tunay na buhay na hinihingi ng Diyos na magawa nila ay maging buhay nila, kung nabubuhay sila alinsunod sa mga salita at katotohanang ito, sila ay pineperpekto sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos. Muling isinisilang ang gayong mga tao, at naging mga bagong tao na sila sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos. Ito ang landas kung paano naghabol si Pedro sa katotohanan; ito ay ang landas ng pagiging ginagawang perpekto, ginagawang perpekto sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos, at nagkakamit ng buhay mula sa mga salita ng Diyos. Ang katotohanan na ipinahayag ng Diyos ay naging kanyang buhay, at sa gayon lamang siya naging isang tao na nakamit ang katotohanan.

Hinango mula sa “Paano Lakaran Ang Landas ni Pedro” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

28. Ang mga Prinsipyo ng Pagtanggap sa Paghatol at Pagkastigo ng mga Salita ng Diyos

(1) Kinakailangang kilalanin na walang pag-aalinlangang ang mga salita ng Diyos ang katotohanan. Ang mga ito ang realidad ng mga positibong bagay, umaayon man ito o hindi sa mga kuro-kuro ng tao. Kahit bumagsak ang kalangitan, namamalaging di-nagbabago ang mga salita ng Diyos;

(2) Kahit gaano pa kabagsik o nanunuot ang mga pagsisiwalat at paghatol ng mga salita ng Diyos, hangga’t umaayon ito sa katotohanan sa ilang sukatan, dapat tanggapin at sundin ang mga ito ng isang tao at hanapin ang kaliwanagan at pagpapalinaw ng Banal na Espiritu;

(3) Sa kabila ng mga pagsubok at pagdadalisay na nararanasan ng isang tao, dapat siyang manalangin sa Diyos at hanapin ang katotohanan, isagawa ito ayon sa mga salita ng Diyos, at manindigan sa kanyang patotoo, sa gayon mapapahiya si Satanas;

(4) Kapag tinatabasan at kinakaharap, dapat matutuhan ng isang tao na magpasakop at tanggapin ito, at dapat magmuni-muni at hanapin ang katotohanan upang lutasin ang kanilang mga problema at madalisay mula

sa katiwalian.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Bago tinubos ang tao, marami sa mga lason ni Satanas ang naitanim na sa kalooban niya at, pagkatapos ng libu-libong taon na paggawang tiwali ni Satanas, nasa kanyang kalooban ang matatag na kalikasang lumalaban sa Diyos. Samakatuwid, kapag natubos na ang tao, ito ay walang iba kundi isang kaso ng pagtubos kung saan ang tao ay binili sa mataas na halaga, ngunit ang may lason na kalikasan sa kanyang kalooban ay hindi pa naaalis. Ang tao na lubhang nadungisan ay kailangang sumailalim sa isang pagbabago bago maging karapat-dapat na maglingkod sa Diyos. Sa pamamagitan ng gawaing ito ng paghatol at pagkastigo, lubusang malalaman ng tao ang marumi at tiwaling diwa sa kanyang sariling kalooban, at magagawa niyang lubos na magbago at maging malinis. Sa ganitong paraan lamang maaaring maging karapat-dapat na bumalik ang tao sa harap ng luklukan ng Diyos. Lahat ng gawaing ginagawa sa araw na ito ay para malinis at mabago ang tao; sa pamamagitan ng paghatol at pagkastigo gamit ang salita, pati na rin ng pagpipino, makakaya ng tao na maiwaksi ang kanyang katiwalian at magawang dalisay. Sa halip na ituring ang yugtong ito ng gawain bilang pagliligtas, mas akmang sabihin na ito ay ang gawain ng pagdadalisay. Ang totoo, ang yugtong ito ay yaong panlulupig pati na rin ang pangalawang yugto ng gawain ng pagliligtas. Ang tao ay nakakamit ng Diyos sa pamamagitan ng paghatol at pagkastigo gamit ang salita; sa pamamagitan ng paggamit ng salita upang pinuhin, hatulan at ibunyag, na ang lahat ng karumihan, mga pagkaunawa, mga motibo, at mga indibidwal na pag-asam sa kalooban ng puso ng tao ay ganap na naibubunyag. Kahit na ang tao ay maaaring natubos at napatawad na sa kanyang mga kasalanan, ito ay maaaring ituring lamang bilang hindi pagkaalala ng Diyos sa mga paglabag ng tao at hindi pagtrato sa tao alinsunod sa mga paglabag ng tao. Subalit, kapag ang tao na namumuhay sa laman, ay hindi pa napapalaya mula sa kasalanan, siya ay maaaring magpatuloy lamang sa pagkakasala, na walang-katapusang hinahayag ang kanyang maka-

satanas na disposisyon. Ito ang buhay ng tao, isang walang-katapusang pagpapaulit-ulit ng kasalanan at kapatawaran. Ang karamihan ng tao ay nagkakasala sa araw upang magtapat ng kasalanan sa gabi. Dahil dito, kahit na ang handog para sa kasalanan ay magpakailanmang mabisa para sa tao, hindi nito magagawang iligtas ang tao mula sa kasalanan. Tanging kalahati lang ng gawain ng pagliligtas ang nakumpleto, sapagkat ang tao ay mayroon pa ring tiwaling disposisyon. Bilang halimbawa, nang mapagtanto ng mga tao na sila ay nagmula kay Moab, naghinaing sila, hindi na hinangad ang buhay, at naging lubos na negatibo. Hindi ba't ipinakikita nito na hindi pa rin nagagawang lubos na magpasakop ng sangkatauhan sa kapamahalaan ng Diyos? Hindi ba't ito ang mismong tiwaling maka-satanas na disposisyon nila? Nang ikaw ay hindi isinailalim sa pagkastigo, ang iyong mga kamay ay nakataas nang mas mataas kaysa iba, maging yaong kay Jesus. At ikaw ay sumigaw nang malakas: "Maging isang minamahal na anak ng Diyos! Maging malapit sa Diyos! Mas pipiliin namin ang mamatay kaysa yumuko kay Satanas! Mag-alsa laban sa matandang Satanas! Mag-alsa laban sa malaking pulang dragon! Nawa'y ang malaking pulang dragon ay lubos na bumagsak mula sa kapangyarihan! Nawa'y ang Diyos ay gawin tayong ganap!" Ang iyong mga sigaw ay pinakamalakas sa lahat. Ngunit pagkatapos ay dumating ang panahon ng pagkastigo at, minsan pa, ang tiwaling disposisyon ng mga tao ay nabunyag. Magkagayon, tumigil ang kanilang mga sigaw, at wala na silang paninindigan. Ito ang katiwalian ng tao; mas malalim kaysa kasalanan, ito ay itinanim ni Satanas at malalim na nag-ugat sa loob ng tao. Hindi madali para sa tao na mabatid ang kanyang mga kasalanan; wala siyang paraan para kilalanin ang kanyang sariling kalikasang nag-ugat na nang malalim, at kailangan niyang umasa sa paghatol ng salita upang makamit ang gayong epekto. Sa gayon lamang maaaring unti-unting mabago ang tao mula sa puntong iyon.

Hinango mula sa "Ang Hiwaga ng Pagkakatawang-tao (4)" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang Cristo ng mga huling araw ay gumagamit ng iba't ibang katotohanan para maturuan ang tao, para ibunyag ang diwa ng tao, at suriin ang kanyang mga salita at gawa. Ang mga salitang ito ay binubuo ng iba't ibang katotohanan, gaya ng tungkulin ng tao, paano dapat sundin ng tao ang Diyos, paano dapat maging tapat ang tao sa Diyos, paano dapat isabuhay ang normal na pagkatao, gayundin ang karunungan at disposisyon ng Diyos, at iba pa. Ang mga salitang ito ay nakatuon lahat sa diwa ng tao at sa kanyang tiwaling disposisyon. Partikular na, yaong mga salitang naglalantad kung paano tinatanggihan ng tao ang Diyos ay sinasabi patungkol sa kung paano kinakatawan ng tao si Satanas, at naging puwersa ng kaaway laban sa Diyos. Sa pagsasakatuparan ng Kanyang gawain ng paghatol, hindi lamang basta nililinaw ng Diyos ang likas na pagkatao ng tao sa iilang salita lamang; inilalantad, pinakikitunguhan, at tinatabas Niya nang pangmatagalan. Ang lahat ng ganitong mga pamamaraan ng paglalantad, pakikitungo, at pagpupungos ay hindi maaaring mahalinhan ng mga ordinaryong salita, kundi ng katotohanang hindi man lang taglay ng tao. Ang ganitong klaseng mga pamamaraan lamang ang matatawag na paghatol; sa pamamagitan lamang ng ganitong uri ng paghatol masusupil ang tao at makukumbinsi nang husto tungkol sa Diyos, at bukod pa riyan ay makamtan ang tunay na pagkakilala sa Diyos. Ang idinudulot ng gawain ng paghatol ay ang pagkaunawa ng tao sa tunay na mukha ng Diyos at sa katotohanan tungkol sa kanyang sariling pagkasuwail. Ang gawain ng paghatol ay nagbibigay-daan sa tao na magtamo ng malawak na pagkaunawa sa kalooban ng Diyos, sa layunin ng gawain ng Diyos, at sa mga hiwagang hindi niya maunawaan. Tinutulutan din nito ang tao na makilala at malaman ang kanyang tiwaling diwa at ang mga ugat ng kanyang katiwalian, gayundin para matuklasan ang kapangitan ng tao. Ang mga epektong ito ay bunga lahat ng gawain ng paghatol, sapagkat ang diwa ng gawaing ito ay ang mismong gawain ng pagbubukas ng katotohanan, ng daan, at ng buhay ng Diyos sa lahat ng may pananampalataya sa Kanya. Ang gawaing ito ay ang gawain ng paghatol na ginagawa ng Diyos. Kung hindi mo pinag-

uukulan ang mga katotohanang ito ng pagpapahalaga at palaging iniisip ang pag-iwas sa mga ito o paghahanap ng isang bagong daan bukod sa mga ito, kung gayon sinasabi kong lubha kang makasalanan. Kung mayroon kang pananampalataya sa Diyos, nguni't hindi mo hinahanap ang katotohanan o ang kalooban ng Diyos, ni hindi iniibig ang daan na naglalapit sa iyo sa Diyos, kung gayon sinasabi Kong ikaw ay isa na sinusubukang iwasan ang paghatol, at na isa kang sunud-sunuran at taksil na tumatakas mula sa dakilang puting luklukan. Hindi patatawarin ng Diyos ang sinuman sa mga mapanghimagsik na tumatakas sa ilalim ng Kanyang mga mata. Ang gayong mga tao ay makatatanggap ng lalo pang mas mabigat na kaparusahan. Silang mga nagsilapit sa harap ng Diyos upang mahatulan, at higit pa ay nadalisay na, ay mananahan magpakailanman sa kaharian ng Diyos. Syempre, ito ay bagay na nabibilang sa hinaharap.

Hinango mula sa "Ginagawa ni Cristo ang Gawain ng Paghatol sa Pamamagitan ng Katotohanan" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ngayo'y hinahatulan kayo ng Diyos, kinakastigo kayo, at pinarurusahan kayo, ngunit kailangan mong malaman na ang punto ng pagpaparusa sa iyo ay upang makilala mo ang iyong sarili. Siya ay nagpaparusa, humahatol, at kumakastigo para makilala mo ang iyong sarili, para magbago ang iyong disposisyon, at, bukod pa rito, para malaman mo ang iyong halaga, at makita na lahat ng kilos ng Diyos ay matuwid at alinsunod sa Kanyang disposisyon at mga kinakailangan sa Kanyang gawain, na Siya ay gumagawa alinsunod sa Kanyang plano para sa kaligtasan ng tao, at na Siya ang matuwid na Diyos na nagmamahal, nagliligtas, humahatol, at kumakastigo sa tao. Kung alam mo lamang na mababa ang iyong katayuan, na ikaw ay tiwali at masuwayin, ngunit hindi mo alam na ninanais ng Diyos na gawing malinaw ang Kanyang pagliligtas sa pamamagitan ng paghatol at pagkastigo na Kanyang ginagawa sa iyo ngayon, wala kang paraan para magtamo ng karanasan, lalong wala kang kakayahang patuloy na sumulong. Ang Diyos ay hindi naparito upang pumatay o manira, kundi upang humatol, sumumpa, kumastigo, at

magligtas. Hanggang sa matapos ang Kanyang 6,000 taong plano ng pamamahala—bago Niya ihayag ang kalalabasan ng bawat kategorya ng tao—ang gawain ng Diyos sa lupa ay para sa pagliligtas, ang layunin nito ay para lamang gawing ganap—nang lubusan—yaong mga nagmamahal sa Kanya at mapasakop sila sa Kanyang kapamahalaan. Paano man inililigtas ng Diyos ang mga tao, ginagawang lahat iyon sa pamamagitan ng paghiwalay sa kanila sa dati nilang satanikong kalikasan; ibig sabihin, inililigtas Niya sila sa pamamagitan ng paghikayat sa kanila na hangarin ang buhay. Kung hindi nila gagawin iyon, walang paraan upang matanggap nila ang pagliligtas ng Diyos. Ang pagliligtas ay ang gawain ng Diyos Mismo, at ang paghahangad sa buhay ay isang bagay na kailangang gawin ng tao upang tumanggap ng kaligtasan. Sa mga mata ng tao, ang kaligtasan ay ang pag-ibig ng Diyos, at ang pag-ibig ng Diyos ay hindi maaaring maging pagkastigo, paghatol, at mga pagsumpa; ang pagliligtas ay kailangang samahan ng pagmamahal, ng habag, at, bukod pa rito, ng mga salita ng kaginhawahan, gayundin ng walang-hanggang mga pagpapalang ipinagkaloob ng Diyos. Naniniwala ang mga tao na kapag inililigtas ng Diyos ang tao, ginagawa Niya iyon sa pamamagitan ng pag-antig sa kanila gamit ang Kanyang mga pagpapala at biyaya, para maibigay nila ang kanilang puso sa Diyos. Ibig sabihin, ang Kanyang pag-antig sa tao ay pagliligtas Niya sa kanila. Ang ganitong uri ng pagliligtas ay ginagawa sa pamamagitan ng pakikipagkasundo. Kapag pinagkalooban sila ng Diyos ng isandaang beses, saka pa lamang magpapasakop ang tao sa pangalan ng Diyos at magsisikap na gumawa ng mabuti para sa Kanya at maghatid sa Kanya ng kaluwalhatian. Hindi ito ang layon ng Diyos para sa sangkatauhan. Ang Diyos ay naparito para gumawa sa lupa upang iligtas ang tiwaling sangkatauhan; walang kasinungalingan dito. Kung mayroon, tiyak na hindi sana Siya naparito upang gawin ang Kanyang gawain nang personal. Dati-rati, ang Kanyang paraan ng pagliligtas ay may kasamang pagpapakita ng sukdulang pag-ibig at habag, kaya ibinigay Niya ang lahat Niya kay Satanas kapalit ng buong sangkatauhan. Ang kasalukuyan ay hindi kagaya ng nakaraan: Ang kaligtasang ipinagkaloob

sa inyo ngayon ay nangyayari sa panahon ng mga huling araw, kung kailan ibinubukod ang bawat isa ayon sa uri; ang paraan ng inyong kaligtasan ay hindi pag-ibig o habag, kundi pagkastigo at paghatol, upang ang tao ay maaaring mas lubusang maligtas. Sa gayon, ang natatanggap lamang ninyo ay pagkastigo, paghatol, at walang-awang paghampas, ngunit dapat ninyong malaman ito: Sa walang-pusong paghampas na ito wala ni kakatiting na kaparusahan. Gaano man kabagsik ang Aking mga salita, ang sumasapit sa inyo ay iilang salita lamang na maaaring magmukhang lubos na walang puso sa inyo, at gaano man katindi ang Aking galit, ang dumarating sa inyo ay mga salita pa rin ng pagtuturo, at hindi Ko layon na saktan kayo o patayin kayo. Hindi ba totoo ang lahat ng ito? Dapat ninyong malaman na sa panahong ito, matuwid na paghatol man o walang-pusong pagpipino at pagkastigo, lahat ay para sa kapakanan ng kaligtasan. Ibinubukod man ngayon ang bawat isa ayon sa uri o inilalantad ang mga kategorya ng tao, ang layunin ng lahat ng salita at gawain ng Diyos ay upang iligtas yaong mga tunay na nagmamahal sa Diyos. Ang matuwid na paghatol ay pinasasapit upang dalisayin ang tao, at ang walang-pusong pagpipino ay ginagawa upang linisin sila; ang masasakit na salita o pagkastigo ay kapwa ginagawa upang magpadalisay at alang-alang sa kaligtasan.

Hinango mula sa “Dapat Mong Isantabi ang mga Pagpapala ng Katayuan at Unawain ang Kalooban ng Diyos na Maghatid ng Kaligtasan sa Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Hindi mababago ng mga tao ang sarili nilang disposisyon; kailangan silang dumaan sa paghatol at pagkastigo, at sa pagdurusa at pagpipino, ng mga salita ng Diyos, o sa pakikitungo, pagdidisiplina, at pagtatabas ng Kanyang mga salita. Pagkatapos noon, saka lamang sila magiging masunurin at matapat sa Diyos, at hindi na magpapadalus-dalos sa pakikitungo sa Kanya. Sa ilalim ng pagpipino ng mga salita ng Diyos nagbabago ang disposisyon ng mga tao. Sa pamamagitan lamang ng paglalantad, paghatol, pagdidisiplina, at pakikitungo ng Kanyang mga salita

sila hindi na mangangahas na kumilos nang walang pakundangan kundi sa halip ay magiging matatag at mahinahon sila. Ang pinakamahalagang punto ay na nagagawa nilang magpasakop sa kasalukuyang mga salita ng Diyos, at sa Kanyang gawain, kahit hindi ito nakaayon sa mga pagkaunawa ng tao, nagagawa nilang isantabi ang mga pagkaunawang ito at maluwag sa loob na magpasakop.

Hinango mula sa "Ang mga Taong Nagbago Na ang Disposisyon ay Yaong mga Nakapasok Na sa Realidad ng mga Salita ng Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung nais mong madalisay ang katiwalian mo at dumanas ng pagbabago sa disposisyon mo sa buhay, kailangan mong magkaroon ng pagmamahal sa katotohanan at kakayahang tanggapin ang katotohanan. Ano ang ibig sabihin ng tanggapin ang katotohanan? Ipinahihiwatig ng tanggapin ang katotohanan na anumang klase ang iyong tiwaling disposisyon o alinman sa mga lason ng malaking pulang dragon ang nasa iyong kalikasan, kinikilala mo ito kapag ibinubunyag ito ng mga salita ng Diyos, at nagpapasakop ka sa mga salitang ito; tinatanggap mo ang mga ito nang walang kundisyon, nang hindi nagdadahilan o sinusubukang mamili, at nakikilala mo ang iyong sarili ayon sa sinasabi Niya. Ito ang ibig sabihin ng tanggapin ang mga salita ng Diyos. Anuman ang sinasabi Niya, gaano man maaaring tumagos sa puso mo ang mga pagbigkas Niya, at anumang mga salita ang ginagamit Niya, matatanggap mo ang mga ito basta't katotohanan ang sinasabi Niya, at kaya mong kilalanin ang mga ito basta't umaayon ang mga ito sa realidad. Kaya mong magpasakop sa mga salita ng Diyos gaano kalalim mo man nauunawaan ang mga ito, at tinatanggap mo at nagpapasakop ka sa liwanag na ibinubunyag ng Banal na Espiritu at ibinabahagi ng iyong mga kapatid. Kapag umabot na sa isang punto ang pagtataguyod sa katotohanan ng gayong tao, maaari niyang matamo ang katotohanan at makamtan ang pagbabago ng kanyang disposisyon. Kahit na 'yung mga hindi nagmamahal sa katotohanan ay maaaring magkaroon ng disenteng pagkatao, pagdating sa katotohanan, sila'y magulo mag-isip at hindi ito siniseryoso. Bagama't makagagawa sila

ng ilang mabuting gawain, at makakayang gugulin ang kanilang sarili para sa Diyos, at makakayanan ang pagtatakwil, hindi nila makakamit ang pagbabago ng disposisyon.

Hinango mula sa “Paano Malalaman ang Kalikasan ng Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kapag tumatanggap ng paghatol ng mga salita ng Diyos, hindi tayo dapat matakot sa pagdurusa, ni hindi tayo dapat matakot sa sakit, at mas lalo nang hindi tayo dapat matakot na tumagos sa ating mga puso ang mga salita ng Diyos. Dapat ay basahin natin ang iba pa Niyang mga pahayag tungkol sa kung paano Niya tayo hinahatulan at kinakastigo at inilalantad ang ating mga tiwaling diwa. Kailangan nating basahin ang mga ito at mas sundin pa ang mga ito. Huwag nating ikumpara ang iba sa mga ito—ikumpara natin ang ating sarili sa mga ito. Hindi tayo nagkukulang sa kahit isa sa mga bagay na ito; kaya nating tapatang lahat ito. Kung hindi ka naniniwala rito, humayo ka’t danasin ito mismo. Matapos basahin ang mga salita ng Diyos, walang kakayahan ang ilang tao na iangkop ang mga iyon sa kanilang sarili; akala nila ay hindi tungkol sa kanila ang mga bahagi ng mga salitang ito, kundi sa halip ay tungkol sa ibang mga tao. Halimbawa, kapag inilalantad ng Diyos ang mga tao bilang masasamang babae at mga kalapating mababa ang lipad, nadarama ng ilang kapatirang babae na dahil naging tapat na tapat sila sa kanilang asawa, malamang na hindi tumutukoy sa kanila ang gayong mga salita; nadarama ng ilang kapatirang babae na dahil wala silang asawa at hindi pa nakipagtalik kailanman, malamang na hindi rin tungkol sa kanila ang gayong mga salita. Nadarama ng ilang kapatirang lalaki na para lamang sa mga babae ang mga salitang ito, at walang kinalaman sa kanila; naniniwala ang ilang tao na napakasamang pakinggan ang mga salitang iyon ng Diyos, at ayaw nilang tanggapin ang mga iyon. Mayroon pang mga taong nagsasabi na sa ilang pagkakataon, mali ang mga salita ng Diyos. Ito ba ang tamang saloobin sa mga salita ng Diyos? Hindi kaya ng mga tao na magmuni-muni tungkol sa kanilang sarili batay sa mga salita ng Diyos. Dito, ang “masasamang

babae” at “mga kalapating mababa ang lipad” ay tumutukoy sa katiwalian at kawalan ng delikadesa ng mga tao. Lalaki man o babae, may-asawa o wala, lahat ay may taglay na katiwalian ng kawalan ng delikadesa—kaya paano ito mawawalan ng kinalaman sa iyo? Inilalantad ng mga salita ng Diyos ang mga tiwaling disposisyon ng mga tao; lalaki man o babae, pareho ang antas ng katiwalian ng tao. Hindi ba totoo ito? Bago gumawa ng iba pang bagay, dapat nating matanto na kailangan nating tanggapin ang bawat isa sa mga salitang sinambit ng Diyos, masarap mang pakinggan ang mga ito o hindi at nasasaktan man tayo o nasisiyahan. Iyon ang saloobing dapat nating taglayin sa mga salita ng Diyos. Anong uri ng saloobin ito? Ito ba ay isang saloobing makadiyos, isang saloobing mapagpasensya, o isang saloobing tumatanggap ng pagdurusa? Sinasabi Ko sa inyo na hindi ito anuman sa mga ito. Sa ating pananampalataya, kailangan nating matatag na panindigan na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan. Dahil ang mga ito nga ang katotohanan, dapat nating tanggapin ang mga ito nang makatwiran. Kinikilala o inaamin man natin ito o hindi, dapat ay lubos na tanggapin ang mga salita ng Diyos. Bawat isang linya ng mga salita ng Diyos ay nauukol sa isang partikular na kalagayan. Ibig sabihin, wala sa mga linya ng Kanyang mga pahayag ang tungkol sa mga panlabas na hitsura, lalo na tungkol sa mga patakarang panlabas o sa isang simpleng klase ng pag-uugali sa mga tao. Hindi ganoon ang mga iyon. Kung sa tingin mo ay tungkol sa simpleng klase ng pag-uugali ng tao o panlabas na hitsura ang bawat linyang binigkas ng Diyos, wala kang espirituwal na pang-unawa at hindi mo nauunawaan kung ano ang katotohanan. Malalim ang mga salita ng Diyos. Paano naging malalim ang mga ito? Lahat ng sinasabi ng Diyos, lahat ng inihahayag Niya, ay tungkol sa mga tiwaling disposisyon ng mga tao, at sa mga bagay na matibay at malalim na nakaugat sa kanilang buhay. Mahalaga ang mga bagay na ito, hindi mga panlabas na hitsura, at lalo nang hindi mga pag-uugali sa labas. Sa pagtingin sa mga tao mula sa kanilang panlabas na hitsura, maaaring mukhang maayos silang lahat. Kung gayon, bakit sinasabi ng Diyos na ang ilang tao ay masasamang espiritu at ang ilan ay maruruming espiritu? Ito

ay isang bagay na hindi mo nakikita. Sa gayon, hindi ka makakaasa sa hitsura o sa nakikita mo mula sa labas para manatiling matatag sa mga salita ng Diyos.

Hinango mula sa “Ang Kahalagahan ng Paghahabol sa Katotohanan at ang Landas ng Paghahabol Dito” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang tiwaling disposisyon ng tao ay nakatago sa bawat kaisipan at ideya nila, sa loob ng mga motibo sa likod ng bawat kilos nila; nakatago ito sa bawat pananaw ng tao tungkol sa anumang bagay at sa loob ng bawat opinyon, pagkaunawa, pananaw at hangarin nila sa kanilang pag-unawa sa lahat ng ginagawa ng Diyos. Nakatago ito sa mga bagay na ito. At ano ang ginagawa ng Diyos? Paano inuunawa ng Diyos ang mga ginagawang ito ng tao? Nagpaplano Siya ng mga sitwasyon para ilantad ka. Hindi ka lamang Niya ilalantad, kundi hahatulan ka pa Niya. Kapag ipinakita mo ang iyong tiwaling disposisyon, kapag may mga kaisipan at ideya ka na salungat sa Diyos, kapag may mga kalagayan at pananaw ka na laban sa Diyos, kapag may mga kalagayan ka na mali ang pagkaunawa mo sa Diyos, o nilalabanan at kinokontra mo Siya, pagsasabihan ka ng Diyos, hahatulan at kakastiguhin ka, at kung minsa’y parurusahan at didisiplinahin ka pa. Ano ang layunin ng pagdidisiplina sa iyo? Iyon ay para maunawaan mo na mali ang nagawa mo. “Ang isinaalang-alang ko ay ang mga pagkaintindi ng tao, at mali ang mga iyon. Ang aking layon ay nagmula kay Satanas, mula sa kalooban ng tao, at hindi iyon kumatawan sa Diyos. Hindi iyon kaayon ng Diyos at hindi maaaring tumugon sa kalooban ng Diyos. Kinasusuklaman iyon ng Diyos, kinamumuhian iyon, at ginagalit Siya noon, kaya nga isinusumpa Niya iyon. Kailangan kong baguhin ang aking layon.” Paano mo iyon mababago? Una sa lahat, kailangan mong maging masunurin sa paraan ng pagtrato sa iyo ng Diyos, at sa mga sitwasyon, tao, pangyayari at bagay na ipinaplano Niya para sa iyo. Kailangan mong maging masunurin at hindi mo dapat hanapan ng mali ang lahat ng bagay, huwag kang magdahilan at huwag kang umiwas sa iyong mga responsibilidad. Bukod pa rito, kailangan mong hanapin sa ginagawa ng

Diyos kung anong mga katotohanan ang dapat mong isagawa at pasukan. Ito ang nais ng Diyos na maunawaan mo, nais Niyang aminin mo ang iyong mga tiwaling disposisyon at napakasamang diwa, para maging masunurin ka sa mga sitwasyong ipinaplano ng Diyos para sa iyo at, sa huli, para maisagawa mo ang hinihiling Niya sa iyo alinsunod sa Kanyang kalooban, at matupad mo ang Kanyang kalooban. Sa gayo'y nakapasa ka na sa mahigpit na pagsubok.

Hinango mula sa "Tanging ang Pagiging Totoong Masunurin ang Tunay na Paniniwala" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang tao ay nabubuhay sa ilalim ng impluwensya ni Satanas, at umiiral sa laman; kung hindi siya nalilinis at hindi nakatatanggap ng pag-iingat ng Diyos, kung gayon ang tao ay lalo kailanmang magiging higit na masama. Kung nais niyang ibigin ang Diyos, kung gayon dapat siyang malinis at maligtas. Nanalangin si Pedro, "Diyos ko, kapag pinakikitunguhan Mo ako nang may-kabaitan ako ay nalulugod, at nagiginhawahan; kapag kinakastigo Mo ako, nakadarama ako ng higit pang kaginhawahan at kagalakan. Bagaman ako ay mahina, at nagbabata ng di-mabigkas na pagdurusa, bagaman mayroong mga luha at kalungkutan, batid Mo na ang kalungkutang ito ay dahil sa aking pagkamasuwayin, at dahil sa aking kahinaan. Tumatangis ako dahil hindi ko natutugunan ang Iyong mga ninanasa, nalulungkot ako at nanghihinayang dahil hindi ako sapat para sa Iyong mga kailangan, ngunit handa akong abutin ang kinasasaklawang ito, handa akong gawin ang lahat ng kaya ko upang Ikaw ay aking mapasaya. Ang Iyong pagkastigo ay nagdulot sa akin ng pag-iingat, at nakapagbigay sa akin ng pinakamabuting kaligtasan; ang Iyong paghatol ay nagkukubli ng Iyong pagpaparaya at pagtitiis. Kung wala ang Iyong pagkastigo at paghatol, hindi ko matatamasa ang Iyong awa at kagandahang-loob. Ngayon, lalo kong nakikita na ang Iyong pag-ibig ay nakalampas sa mga kalangitan at hinigitan ang lahat ng iba pang bagay. Ang Iyong pag-ibig ay hindi lamang awa at kagandahang-loob; higit pa riyan, ito ay pagkastigo at paghatol. Ang Iyong pagkastigo at paghatol ay nagbigay ng napakarami sa

akin. Kung wala ang Iyong pagkastigo at paghatol, walang isa mang taong malilinis, at walang isa mang taong makararanas ng pag-ibig ng Lumikha. Bagaman nakapagtiis ako ng daan-daang mga pagsubok at kapighatian, at nakaranas pang mabingit sa kamatayan, natulutan ako ng mga ito na tunay Kang makilala at magtamo ng pinakamataas na kaligtasan. Kung ang Iyong pagkastigo, paghatol at pagdisiplina ay lilisan mula sa akin, kung gayon ay mabubuhay ako sa kadiliman, sa ilalim ng sakop ni Satanas. Ano nga ba ang mga pakinabang ng laman ng tao? Kung ang Iyong pagkastigo at paghatol ay aalis sa akin, ito ay waring ang Iyong Espiritu ay nagtakwil sa akin, na waring Ikaw ay hindi ko na kasama. Kung magkagayon nga, paano ako magpapatuloy na mabuhay? Kung binibigyan Mo ako ng karamdaman, at kukunin ang aking kalayaan, maaari pa rin akong patuloy na mabuhay, ngunit kung sakaling lilisanin ako ng Iyong pagkastigo at paghatol, mawawalan na ako ng daan upang patuloy na mabuhay. Kung wala ang Iyong pagkastigo at paghatol sa akin, mawawala na sa akin ang Iyong pag-ibig, isang pag-ibig na lubhang malalim upang aking masabi. Kung wala ang Iyong pag-ibig, ako ay mabubuhay sa ilalim ng sakop ni Satanas, at hindi na makikita ang Iyong maluwalhating mukha. Paano ako makakapagpatuloy na mabuhay? Ang gayong kadiliman, ang gayong buhay, ay hindi ko kayang mabata. Ang makasama Kita ay tulad ng namamasdan Kita, kaya paano Kita maiiwan? Nagmamakaawa ako sa Iyo, nakikiusap ako sa Iyo na huwag kunin ang aking pinakadakilang kaaliwan mula sa akin, kahit na ito ay ilang salita lamang na nagbibigay-katiyakan. Natamasa ko ang Iyong pag-ibig, at ngayon ay hindi ko kayang malayo sa Iyo; paano na hindi Kita maiibig? Marami akong itinangis na mga luha ng kalungkutan dahil sa Iyong pag-ibig, subali't lagi kong nararamdaman na ang isang buhay na gaya nito ay higit na makahulugan, higit akong napagyayaman, higit akong nababago, at higit akong tinutulutang makamit ang katotohanang taglay dapat ng mga nilalang."

Hinango mula sa "Ang mga Karanasan ni Pedro: Ang Kanyang Kaalaman sa Pagkastigo at Paghatol" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kapag nagdurusa kayo ng kaunting paghihigpit o paghihirap, makakabuti iyon sa inyo; kung pinadali iyon para sa inyo, mapapahamak kayo, at kung gayon ay paano kayo mapoprotektahan? Ngayon, kinastigo, hinatulan, at isinumpa kayo kaya binigyan kayo ng proteksyon. Nagdusa na kayo nang husto kaya pinoprotektahan kayo. Kung hindi, matagal na sana kayong nahulog sa kabulukan. Hindi sinasadyang gawing mahirap ang mga bagay para sa inyo—ang likas na pagkatao ng tao ay mahirap baguhin, at kailangan itong magkaganito para magbago ang kanilang mga disposisyon. Ngayon, ni wala kayong konsiyensya o katinuang tinaglay ni Pablo, ni hindi pa ninyo taglay ang kanyang kamalayan sa sarili. Lagi kayong kailangang pilitin, at kailangan kayong palaging makastigo at mahatulan para pukawin ang inyong espiritu. Pagkastigo at paghatol ang pinakamabuti para sa inyong buhay. At kapag kinakailangan, kailangan ay mayroon ding pagkastigo ng mga katotohanang dumarating sa inyo; saka lamang kayo lubos na magpapasakop. Kapag ang inyong likas na pagkatao ay walang pagkastigo at pagsumpa, ayaw ninyong magyuko ng ulo, ayaw ninyong magpasakop. Kung hindi ninyo nakikita ang mga totoong pangyayari, walang magiging epekto. Masyadong aba at walang halaga ang inyong pagkatao! Kung wala ang pagkastigo at paghatol, magiging mahirap kayong malupig, at mahirap daigin ang inyong kawalan ng katuwiran at pagsuway. Ang inyong dating likas na pagkatao ay nakaugat nang napakalalim. Kung iniluklok kayo sa trono, wala kayong ideya sa taas ng langit at lalim ng lupa, lalong wala kayong ideya kung saan kayo patungo. Ni hindi ninyo alam kung saan kayo nagmula, kaya paano ninyo makikilala ang Panginoon ng paglikha? Kung wala ang napapanahong pagkastigo at mga sumpa sa ngayon, matagal na sanang dumating ang inyong huling araw. Huwag nang banggitin pa ang inyong kapalaran—hindi ba mas nalalapit iyon sa panganib? Kung wala ang napapanahong pagkastigo at paghatol na ito, sino ang nakakaalam kung gaano kayabang kayo sa inyong paglaki, o gaano kayo magiging masama. Nadala na kayo ng pagkastigo at paghatol na ito sa kasalukuyan, at naingatan ng mga ito ang inyong buhay. Kung “tinuruan” pa rin kayo gamit ang kaparehong mga

pamamaraan tulad ng sa inyong “ama,” sino ang nakakaalam kung anong mundo ang inyong papasukin! Wala kayo talagang kakayahang kontrolin at pagbulay-bulayin ang inyong sarili. Para sa mga taong kagaya ninyo, kung susunod at tatalima lamang kayo nang hindi nagsasanhi ng anumang panghihimasok o mga gambala, makakamtan ang Aking mga layunin. Hindi ba lalo kayong dapat magsumikap sa pagtanggap ng pagkastigo at paghatol sa ngayon? Ano ang iba pa ninyong mga pagpipilian?

Hinango mula sa “Pagsasagawa (6)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Nauunawaan mo na ba ngayon kung ano ang paghatol at ano ang katotohanan? Kung naunawaan mo na, ipinapayo Ko na masunuring magpasakop sa pagpapahatol, kung hindi ay hindi ka magkakaroon ng pagkakataon kailanman na papurihan ng Diyos o madala Niya sa Kanyang kaharian. Yaong mga tumatanggap lamang ng paghatol ngunit hindi kailanman maaaring mapadalisay, ibig sabihin, yaong mga nagsisitakas sa gitna ng gawain ng paghatol, ay kamumuhian at itatakwil ng Diyos magpakailanman. Ang kanilang mga kasalanan ay mas marami, at mas mabigat, kaysa roon sa mga Fariseo, sapagkat napagtaksilan nila ang Diyos at naghimagsik sila laban sa Diyos. Ang gayong mga tao na ni hindi karapat-dapat na magsagawa ng paglilingkod ay tatanggap ng mas mabigat na parusa, isang parusang bukod diyan ay pangwalang-hanggan. Hindi patatawarin ng Diyos ang sinumang taksil na minsan ay nagpakita ng katapatan sa mga salita subalit ipinagkanulo Siya pagkatapos. Ang ganitong mga tao ay gagantihan sa pamamagitan ng kaparusahan ng espiritu, kaluluwa, at katawan. Hindi ba ito mismo ang paghahayag ng matuwid na disposisyon ng Diyos? Hindi ba ito ang layunin ng Diyos sa paghatol sa tao, at pagbubunyag sa kanya? Ipapadala ng Diyos ang lahat ng gumagawa ng lahat ng uri ng masamang gawa sa panahon ng paghatol sa isang lugar na pinamumugaran ng masasamang espiritu, at hahayaan ang masasamang espiritung ito na wasakin ang kanilang katawang laman ayon sa gusto nila at ang kanilang katawan ay mangangamoy-bangkay. Iyon ang nararapat na ganti sa kanila. Isinusulat ng Diyos sa kanilang mga

talaang aklat ang bawat isa sa mga kasalanan niyaong mga nananalig na hindi-tapat at huwad, mga huwad na apostol, at mga huwad na manggagawa; pagkatapos, sa tamang panahon, itatapon Niya sila sa gitna ng maruruming espiritu, at hahayaan ang maruruming espiritung ito na dungisan ang kanilang buong katawan ayon sa gusto nila, upang hindi na sila makapagkatawang-taong muli kailanman at hindi na makitang muli ang liwanag kailanman. Yaong mga ipokrito na minsang naglingkod ngunit hindi nanatiling tapat hanggang sa huli ay ibinibilang ng Diyos sa masasama, kaya bumabagsak sila sa pakikipagsosyo sa mga masasama at nagiging bahagi ng kanilang magulong grupo; sa huli, pupuksain sila ng Diyos. Isinasantabi at hindi pinapansin ng Diyos yaong mga hindi kailanman naging tapat kay Cristo o hindi naglaan ng anumang pagsisikap, at pupuksain silang lahat sa pagbabago ng mga kapanahunan. Hindi na sila iiral sa lupa, at lalong hindi makapapasok sa kaharian ng Diyos. Yaong hindi kailanman naging tapat sa Diyos ngunit napilitan dahil sa kanilang kalagayan na humarap sa Kanya nang madalian ay ibinibilang sa mga yaong naglilingkod para sa Kanyang bayan. Iilan lamang sa mga taong iyon ang mananatiling buhay, samantalang ang karamihan ay mamamatay na kasama ng mga nagbigay ng serbisyo na hindi umabot sa pamantayan. Sa huli, dadalhin ng Diyos sa Kanyang kaharian ang lahat ng tao na ang isipan ay kaayon ng Diyos, ang mga tao at ang mga anak ng Diyos pati na yaong mga itinakda ng Diyos na maging mga saserdote. Sila ang magiging bunga ng paglilinis na mula sa gawain ng Diyos. Patungkol sa mga yaong hindi kabilang sa anumang kategoryang inilatag ng Diyos, ibibilang sila sa mga di-mananampalataya—at tiyak na maiisip ninyo kung ano ang kanilang kahihinatnan. Nasabi Ko na sa inyo ang lahat ng dapat Kong sabihin; kayo ang magpapasiya kung aling landas ang inyong pipiliin. Ang dapat ninyong maunawaan ay ito: Ang gawain ng Diyos ay hindi kailanman naghihintay sa sinumang hindi nakakasabay sa Kanya, at ang matuwid na disposisyon ng Diyos ay hindi nagpapakita ng awa sa sinumang tao.

Hinango mula sa “Ginagawa ni Cristo ang Gawain ng Paghatol sa Pamamagitan ng Katotohanan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

29. Ang mga Prinsipyo ng Pagtanggap sa Pagtatabas at Pagkaharap

(1) Upang tanggapin ang pagtatabas at pagkaharap, dapat magpasakop sa paghatol at pagkastigo ng Diyos, na nangangahulugan ng pagpapasakop sa katotohanan. Kung tinatanggap ng isang tao ang pagtatabas at pagkaharap, may-kakayahan sila sa tunay na pagsisisi;

(2) Dapat manalangin ng isang tao sa Diyos kapag sila'y tinatabasan at kinakaharap, at dapat nila itong tanggapin at magpasakop dito, kahit sa anong antas pa ito umaayon sa mga katotohanan. Ito ang pinakamagandang pagkakataon upang makilala ang sarili;

(3) Ang lahat ng pagtatabas at pagkaharap ay paghatol at pagkastigo sa pamamagitan ng paglitaw ng mga katunayan; ito ang natatanging pagmamahal ng Diyos. Dapat tanggapin at magpasakop ang isang tao rito, at tiyak na makikinabang siya mula rito;

(4) Ang matabas at maharap ang pinakadakilang aral sa pagpasok sa buhay. Dapat magmuni-muni sa sarili at maitakwil ng isang tao ang kanyang sarili, na isinasagawa ang katotohanan at nagpapasakop sa Diyos.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang Cristo ng mga huling araw ay gumagamit ng iba't ibang katotohanan para maturuan ang tao, para ibunyag ang diwa ng tao, at suriin ang kanyang mga salita at gawa. Ang mga salitang ito ay binubuo ng iba't ibang katotohanan, gaya ng tungkulin ng tao, paano dapat sundin ng tao ang Diyos, paano dapat maging tapat ang tao sa Diyos, paano dapat isabuhay ang normal na pagkatao, gayundin ang karunungan at disposisyon ng Diyos, at iba pa. Ang mga salitang ito ay nakatuon lahat sa diwa ng tao at sa kanyang tiwaling disposisyon. Partikular na, yaong mga salitang naglalantad kung paano tinatanggihan ng tao ang Diyos ay sinasabi patungkol sa kung paano kinakatawan ng tao si Satanas, at naging puwersa ng kaaway laban sa Diyos. Sa pagsasakatuparan ng Kanyang gawain ng paghatol, hindi lamang basta nililinaw ng Diyos ang likas na pagkatao ng tao sa iilang salita lamang; inilalantad,

pinakikitunguhan, at tinatabas Niya nang pangmatagalan. Ang lahat ng ganitong mga pamamaraan ng paglalantad, pakikitungo, at pagpupungos ay hindi maaaring mahalinhan ng mga ordinaryong salita, kundi ng katotohanang hindi man lang taglay ng tao. Ang ganitong klaseng mga pamamaraan lamang ang matatawag na paghatol; sa pamamagitan lamang ng ganitong uri ng paghatol masusupil ang tao at makukumbinsi nang husto tungkol sa Diyos, at bukod pa riyan ay makamtan ang tunay na pagkakilala sa Diyos. Ang idinudulot ng gawain ng paghatol ay ang pagkaunawa ng tao sa tunay na mukha ng Diyos at sa katotohanan tungkol sa kanyang sariling pagkasuwail. Ang gawain ng paghatol ay nagbibigay-daan sa tao na magtamo ng malawak na pagkaunawa sa kalooban ng Diyos, sa layunin ng gawain ng Diyos, at sa mga hiwagang hindi niya maunawaan. Tinutulutan din nito ang tao na makilala at malaman ang kanyang tiwaling diwa at ang mga ugat ng kanyang katiwalian, gayundin para matuklasan ang kapangitan ng tao. Ang mga epektong ito ay bunga lahat ng gawain ng paghatol, sapagkat ang diwa ng gawaing ito ay ang mismong gawain ng pagbubukas ng katotohanan, ng daan, at ng buhay ng Diyos sa lahat ng may pananampalataya sa Kanya. Ang gawaing ito ay ang gawain ng paghatol na ginagawa ng Diyos. Kung hindi mo pinag-uukulan ang mga katotohanang ito ng pagpapahalaga at palaging iniisip ang pag-iwas sa mga ito o paghahanap ng isang bagong daan bukod sa mga ito, kung gayon sinasabi kong lubha kang makasalanan. Kung mayroon kang pananampalataya sa Diyos, nguni’t hindi mo hinahanap ang katotohanan o ang kalooban ng Diyos, ni hindi iniibig ang daan na naglalapit sa iyo sa Diyos, kung gayon sinasabi Kong ikaw ay isa na sinusubukang iwasan ang paghatol, at na isa kang sunud-sunuran at taksil na tumatakas mula sa dakilang puting luklukan. Hindi patatawarin ng Diyos ang sinuman sa mga mapanghimagsik na tumatakas sa ilalim ng Kanyang mga mata. Ang gayong mga tao ay makatatanggap ng lalo pang mas mabigat na kaparusahan. Silang mga nagsilapit sa harap ng Diyos upang mahatulan, at higit pa ay nadalisay na, ay mananahan magpakailanman sa kaharian ng Diyos. Syempre, ito ay bagay na nabibilang sa hinaharap.

Hinango mula sa “Ginagawa ni Cristo ang Gawain ng Paghatol sa Pamamagitan ng Katotohanan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung naniniwala ka sa Diyos, kailangang sundin mo ang Diyos, isagawa ang katotohanan, at tuparin ang lahat ng iyong tungkulin. Bukod diyan, kailangan mong maunawaan ang mga bagay na dapat mong maranasan. Kung ang nararanasan mo lamang ay mapakitunguhan, madisiplina, at mahatulan, kung ang kaya mo lamang ay magpakasaya sa Diyos ngunit hindi mo nararamdaman ang pagdidisiplina o pakikitungo sa iyo ng Diyos—hindi ito katanggap-tanggap. Marahil sa pagkakataong ito ng pagpipino, nagagawa mong manindigan, ngunit hindi pa rin ito sapat; kailangan mo pa ring patuloy na sumulong. Ang aral tungkol sa pagmamahal sa Diyos ay hindi tumitigil kailanman at walang katapusan. Ang tingin ng mga tao sa paniniwala sa Diyos ay isang bagay na napakasimple, ngunit sa sandaling makatamo sila ng ilang praktikal na karanasan, napagtatanto nila na ang paniniwala sa Diyos ay hindi kasingsimple ng iniisip ng mga tao. Kapag ang Diyos ay gumagawa upang pinuhin ang tao, nagdurusa ang tao. Kapag mas matindi ang pagpipino sa tao, mas titindi ang kanilang pagmamahal sa Diyos, at nabubunyag ang higit pang kapangyarihan ng Diyos sa kanilang kalooban. Sa kabaligtaran, kapag mas katiting ang tinatanggap na pagpipino ng tao, mas katiting ang paglago ng kanilang pagmamahal sa Diyos, at mas katiting na kapangyarihan ng Diyos ang mabubunyag sa kanilang kalooban. Kapag mas matindi ang pagpipino at pasakit sa taong iyon at dumaranas siya ng mas malaking pahirap, mas lalago ang kanyang pagmamahal sa Diyos, magiging mas tunay ang kanyang pananampalataya sa Diyos, at mas lalalim ang kanyang kaalaman tungkol sa Diyos. Sa iyong mga karanasan, may makikita kang mga tao na nagdurusa nang malaki kapag sila ay pinipino, na pinakikitunguhan at dinidisiplina nang husto, at makikita mo na ang mga taong iyon ang may matinding pagmamahal sa Diyos at mas malalim at matalas na kaalaman tungkol sa Diyos. Yaong mga hindi pa nakaranas na mapakitunguhan ay mababaw lamang ang kaalaman, at ang

masasabi lamang ay: “Napakabuti ng Diyos, ipinagkakaloob Niya ang biyaya sa mga tao upang magpakasaya sila sa Kanya.” Kung naranasan ng mga tao na mapakitunguhan at madisiplina, nagagawa nilang talakayin ang tunay na kaalaman tungkol sa Diyos. Kaya kapag mas kamangha-mangha ang gawain ng Diyos sa tao, mas mahalaga at makabuluhan ito. Kapag mas hindi ito tumatagos sa iyo at mas hindi ito kaayon ng iyong mga pagkaintindi, mas nagagawa kang lupigin, kamtin, at gawing perpekto ng gawain ng Diyos.

Hinango mula sa “Yaong mga Gagawing Perpekto ay Kailangang Sumailalim sa Pagpipino” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Hindi mababago ng mga tao ang sarili nilang disposisyon; kailangan silang dumaan sa paghatol at pagkastigo, at sa pagdurusa at pagpipino, ng mga salita ng Diyos, o sa pakikitungo, pagdidisiplina, at pagtatabas ng Kanyang mga salita. Pagkatapos noon, saka lamang sila magiging masunurin at matapat sa Diyos, at hindi na magpapadalus-dalos sa pakikitungo sa Kanya. Sa ilalim ng pagpipino ng mga salita ng Diyos nagbabago ang disposisyon ng mga tao. Sa pamamagitan lamang ng paglalantad, paghatol, pagdidisiplina, at pakikitungo ng Kanyang mga salita sila hindi na mangangahas na kumilos nang walang pakundangan kundi sa halip ay magiging matatag at mahinahon sila. Ang pinakamahalagang punto ay na nagagawa nilang magpasakop sa kasalukuyang mga salita ng Diyos, at sa Kanyang gawain, kahit hindi ito nakaayon sa mga pagkaunawa ng tao, nagagawa nilang isantabi ang mga pagkaunawang ito at maluwag sa loob na magpasakop.

Hinango mula sa “Ang mga Taong Nagbago Na ang Disposisyon ay Yaong mga Nakapasok Na sa Realidad ng mga Salita ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Maraming paraan ang Diyos para maperpekto ang tao. Ginagamit Niya ang lahat ng uri ng sitwasyon para pakitunguhan ang tiwaling disposisyon ng tao, at gumagamit ng iba’t ibang bagay upang ilantad ang tao; sa isang bagay, pinakikitunguhan Niya ang tao, sa isa pa ay inilalantad Niya ang tao, at sa isa pa ay ibinubunyag Niya ang tao, hinuhukay at ibinubunyag

ang “mga hiwaga” sa kaibuturan ng puso ng tao, at ipinakikita sa tao ang kanyang kalikasan sa pamamagitan ng paghahayag sa marami sa kanyang mga kalagayan. Pineperpekto ng Diyos ang tao sa pamamagitan ng maraming pamamaraan—sa pamamagitan ng paghahayag, pakikitungo, pagpipino, at pagkastigo sa tao—para malaman ng tao na ang Diyos ay praktikal.

Hinango mula sa “Yaon Lamang mga Nakatuon sa Pagsasagawa ang Mapeperpekto” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung minsan binibigyan ka ng Diyos ng isang uri ng damdamin, isang damdaming nagsasanhi na mawala ang kagalakan ng iyong kalooban at ang presensya ng Diyos, kaya nakasadlak ka sa kadiliman. Isang uri ito ng pagpipino. Tuwing may ginagawa kang anuman, lagi itong nagugulo, o hindi ka makausad. Pagdidisiplina ito ng Diyos. Kung minsan, kapag matigas ang ulo mo at sumusuway ka sa Diyos, maaaring walang ibang nakakaalam niyon—ngunit alam iyon ng Diyos. Hindi ka makakaligtas sa Kanyang parusa, at didisiplinahin ka Niya. Napakadetalyado ng gawain ng Banal na Espiritu. Buong ingat Niyang pinagmamasdan ang bawat salita at kilos ng mga tao, bawat kilos at galaw, at bawat kaisipan at ideya nila upang magkaroon ng kamalayan ang mga tao sa kanilang sarili tungkol sa mga bagay na ito. May ginawa kang minsan at naging magulo iyon, ginawa mo ulit at naging magulo ulit iyon, at unti-unti mong mauunawaan ang gawain ng Banal na Espiritu. Sa maraming beses na nadisiplina ka, malalaman mo kung ano ang gagawin upang umayon sa kalooban ng Diyos at kung ano ang hindi naaayon sa Kanyang kalooban. Sa huli, magkakaroon ka ng tumpak na mga tugon sa paggabay ng Banal na Espiritu sa iyong kalooban. Kung minsan magiging suwail ka at sasawayin ka ng Diyos sa iyong kalooban. Lahat ng ito ay nagmumula sa pagdidisiplina ng Diyos. Kung hindi mo pinahahalagahan ang salita ng Diyos, kung minamaliit mo ang Kanyang gawain, hindi ka Niya papansinin. Kapag lalo mong sineseryoso ang mga salita ng Diyos, lalo ka Niyang liliwanagan.

Hinango mula sa “Yaong mga Gagawing Perpekto ay Kailangang Sumailalim sa Pagpipino” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Gumagawa ang Diyos sa bawat isang tao, at kung anuman ang Kanyang pamamaraan, anong uri ng mga tao, pangyayari at bagay ang ginagamit Niya sa Kanyang pagseserbisyo, o anumang uri ng tono mayroon ang mga salita Niya, isa lamang ang Kanyang panghuling layunin: Bago ka Niya iligtas, kailangan ka Niyang baguhin, kaya paanong hindi ka magdurusa nang bahagya? Kakailanganing magdusa ka. Ang pagdurusang ito’y maaaring kapalooban ng maraming bagay. Kung minsa’y ibinabangon ng Diyos ang mga tao, mga pangyayari, at mga bagay-bagay sa paligid mo para makilala mo ang iyong sarili, o kaya ay tuwiran kang maiwasto, matabasan, at mailantad. Katulad ng isang nakahiga sa isang mesa para sa operasyon—kailangang dumaan ka sa kaunting kirot para sa isang mabuting kalalabasan. Kung sa tuwing ikaw ay tinatabasan at iwinawasto, at tuwing ibinabangon Niya ang mga tao, mga pangyayari, at mga bagay-bagay, pinupukaw nito ang iyong mga damdamin at pinalalakas ka, kung gayon ay tama ito, at magkakaroon ka ng katayuan at makakapasok sa katotohanang realidad. Kung, tuwing ikaw ay tinatabas at iwinawasto, at tuwing isinasaayos ng Diyos ang iyong kapaligiran, wala kang nararamdamang anumang sakit o balisa o nahihirapan, at wala kang nararamdamang anuman, at kung hindi ka lalapit sa Diyos para hangarin ang Kanyang kalooban, hindi nagdarasal o naghahanap ng katotohanan, talagang napakamanhid mo! Kapag napakamanhid ng isang tao, at walang espirituwal na kamalayan kailanman, mawawalan ng paraan ang Diyos na gumawa sa kanila. Sasabihin Niya: “Napakamanhid ng taong ito at napakalalim na ng kanyang pagkatiwali. Tingnan ang lahat ng nagawa Ko na, at ang lahat ng pagsisikap na nagawa Ko; napakarami Ko nang nagawa sa kanya–ngunit hindi Ko pa rin mapukaw ang kanyang puso o magising ang kayang espiritu. Malalagay sa gulo ang taong ito; hindi siya madaling iligtas.” Kung isinasaayos ng Diyos ang ilang kapaligiran, tao, pangyayari at bagay para

sa iyo, kung tinatabas at iwinawasto ka Niya at kung may natututuhan kang mga aral mula rito, kung natuto ka nang lumapit sa Diyos, natutong hanapin ang katotohanan, at, hindi mo alam, nililiwanagan at pinaliliwanag at nagtatamo ka ng katotohanan, kung nakaranas ka na ng pagbabago sa mga kapaligirang ito, nagantimpalaan, at sumulong, kung unti-unti ka nang nagkakaroon ng kaunting pagkaunawa sa kalooban ng Diyos at hindi ka na nagrereklamo, lahat ng ito ay mangangahulugan na nanindigan ka sa gitna ng mga pagsubok ng mga kapaligirang ito, at natiis mo ang pagsubok. Kung gayon, nalampasan mo na ang mahigpit na pagsubok na ito. Paano haharapin ng Diyos yaong mga tumatagal sa pagsubok? Sasabihin ng Diyos na mayroon silang tunay na puso, na kaya nilang tiisin ang ganitong uri ng pagdurusa at, sa kaibuturan, mahal nila at nais ang katotohanan. Kung mayroong ganitong uri ng pagtatasa sa iyo ang Diyos, hindi ka ba isang taong may tayog? Hindi ka ba taong may buhay? At paano nakakamit ang ganitong buhay? Ito ba ay ipinagkaloob ng Diyos? Ito ang Diyos, na personal na nagdadala ng isang mangkok ng pagkain sa iyo at inilalapit sa iyong bibig upang pakainin ka, at sa sandaling kumain ka, mabubusog ka at tatatag. Ganito mo dapat tingnan at unawain ang mga bagay na ito; Ganito isuko ang lahat ng bagay na nagmula sa Diyos. Ito ang uri ng pag-iisip at pag-uugaling dapat mong taglayin, at dapat kang matutong hanapin ang katotohanan. Hindi ka dapat laging tumitingin sa mga panlabas na sanhi o sinisisi ang iba para sa iyong mga suliranin o naghahanap ng mga pagkakamali sa mga tao; dapat kang magkaroon ng isang malinaw na pag-unawa sa kalooban ng Diyos. Mula sa labas, maaaring magkaroon ng mga opinyon tungkol sa iyo o pagkiling laban sa iyo ang ilang tao, ngunit hindi mo dapat tingnan ang mga bagay sa ganoong paraan. Kung titingnan mo ang mga bagay mula sa maling pananaw, ang tanging magagawa mo ay gumawa ng mga dahilan, at wala kang makakamit na anuman. Dapat mong tingnan ang mga bagay nang walang kinikilingan at makatarungan; sa ganoong paraan, hahanapin mo ang katotohanan at mauunawaan ang hangarin ng Diyos. Sa sandaling maayos ang iyong pananaw at kalagayan ng pag-iisip, makakamtan mo

ang katotohanan. Kaya't bakit hindi mo na lang ito gawin? Bakit ka lumalaban? Kung ikaw ay tumigil sa paglaban, makakamit mo ang katotohanan. Kung ikaw ay lalaban, wala kang makakamit na anuman, at masasaktan mo rin ang damdamin ng Diyos at bibiguin Siya. Paano mo mabibigo ang Diyos? Ito ay katumbas ng pagtanggi mo sa mangkok ng pagkain na dinala ng Diyos Mismo sa iyo upang personal kang pakainin. Sinasabi mong hindi ka nagugutom at hindi mo ito kailangan; Paulit-ulit na sinusubukan ng Diyos na hikayatin kang kumain, ngunit ayaw mo pa rin. Mas gugustuhin mo pang magutom. Iniisip mong busog ka, kahit na ang totoo, wala kang kahit ano. Ang mga taong katulad nito ay napakamapagmagaling, at ang pinakamahirap at nakakaawang mga tao.

Hinango mula sa "Para Tamuhin ang Katotohanan, Dapat Matuto Ka Mula sa Mga Tao, Mga Pangyayari, at Mga Bagay sa Paligid Mo" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Nasa kalagayan man ang tao kung saan ay nakagagawa sila ng mga pagkakamali o nasa kalagayan na hindi sila nakagagawa ng pagkakamali, nagkikimkim sila kadalasan ng isang uri ng pagmamatigas o paghihimagsik sa kaibuturan ng kanilang puso. Dagdag pa rito, isang uri ng lohikal na pag-iisip ng tao ang umiiral sa loob nila na nagsasabing, "Hangga't tama ang aking mga ikinikilos at hangarin, hindi Mo ako dapat pakialaman, at ayos lang sa akin na hindi magpasakop." Hindi nila binabanggit kung nakaayon sa katotohanan ang ginawa nila o kung ano ang mga ibubunga nito. Naniniwala sila, "Hangga't mabuti ang aking puso at walang masasamang hangarin, kailangan Mo akong tanggapin." Ito ang pangangatwiran ng tao, hindi ba? Ito ay pangangatwiran ng tao, at wala ritong pagpapasakop. Itinuturing mo ang iyong pangangatwiran bilang katotohanan at itinuturing ang katotohanan na kalabisan. Iniisip mo na ang umaayon lamang sa sarili mong pangangatwiran ang katotohanan, at ang anumang sumasalungat sa iyong pangangatwiran ay hindi katotohanan. Ang sinumang nag-iisip sa ganitong paraan ay pinakakakatwa, mayabang, at mapagmatuwid sa sarili. Sa anong uri ng mga katayuan matutulungang lutasin ng mga aral hinggil sa pagpapasakop ang mga tao? Para matamo

ang pagpapasakop, kailangan ba nila ng isang tiyak na antas ng pagiging makatwiran? Nakagawa man tayo ng tama o mali sa isang bagay, hangga't hindi nalulugod ang Diyos, dapat tayong makinig sa Diyos at gamitin ang mga salita ng Diyos bilang pamantayan. Hindi ba't ito ay makatwiran? Ito ang diwa na dapat taglayin ng mga tao; ito ang unang bagay na dapat nilang isangkap sa sarili. Hindi natin dapat isaalang-alang kung gaano tayo nagdusa, ano ang naging mga hangarin at layunin natin, o ano ang ating mga dahilan sa panahong iyon. Dahil hindi nalugod ang Diyos at hindi natin natugunan ang mga hinihingi ng Diyos, dapat tayong makinig sa Diyos at huwag subukang mangatwiran o makipagtalo sa Kanya. Kung taglay mo ang ganitong pagiging makatwiran, magagawa mong magpasakop; ibig sabihin, anuman ang iyong mga kalagayan, kung hindi ka naghihimagsik laban sa Diyos o tumatanggi sa mga hinihingi Niya sa iyo, at kung hindi mo sinusuri kung tama ba o mali ang mga hinihingi Niya, kung gayon, ang iyong kalagayan ng pagmamatigas at paghihimagsik bilang tao at ang iyong likas na hilig sa pagpapalusot ay malulutas. Hindi ba't umiiral ang mga kalagayang sa loob ng bawat isa? Kadalasang lumalabas sa mga tao ang mga kalagayang ito, at iniisip nila, "Hangga't nakaayon sa lohikal na pag-iisip ang aking pamamaraan, ang pamamaraan Mo ay hindi maaaring maging tama, kaya makatwiran at patas para sa akin na hindi Ka sundin." Ito ay karaniwang kalagayan ng pag-iisip ng mga tao, ngunit kung nasasangkapan ka ng ganitong uri ng pagiging makatwiran, mabisa mong malulutas ang ilang bahagi ng ganitong uri ng kalagayan.

Hinango mula sa "Ang Limang Kinakailangang Kalagayan Upang Mapunta sa Tamang Landas ng Pananampalataya ng Isang Tao" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sa unang pagdating sa simbahan at paggawa ng kanilang mga tungkulin, at bago pa man harapin o matabasan, ang bawat isa ay kasindami ng butas ng isang peras, na nais magkaroon ng huling salita sa mga bagay. Iniisip nila sa kanilang sarili: "Ngayong naniniwala ako sa Diyos, mayroon akong mga karapatan at kalayaan sa simbahan, kaya kikilos ako ayon sa tingin kong nararapat." Paglaon, sa sandaling sila ay

sumailalim sa pagharap at pagtatabas at pagdidisiplina, at sa sandaling ang katotohanan ay naibahagi sa kanila at nakinig sila sa mga sermon, hindi na sila naglalakas-loob na kumilos sa ganitong paraan. Sa totoo lang, hindi sila makatwiran sa pangkalahatan; kaunti lamang ang nalalaman nila tungkol sa kung paano gumagana ang mga bagay at may kaunting pakiramdam. Kapag nagsasabi ang iba ng mga bagay na dapat maiyak, kinikilala nila ang kanilang pagiging tama, at hindi man nila naintindihang mabuti ang mga bagay na iyon, natatanggap nila ang mga ito. Hindi ba sila mas makatwiran kaysa noong dati? Ang kakayahan nilang tanggapin ang mga bagay na ito ay nagpapakita na ang kanilang pag-uugali ay sumailalim sa ilang pagbabago. Paano naganap ang mga pagbabagong ito? Ang mga ito ay lumitaw dahil sa payo at pag-udyok, pati na rin ang kaginhawaan, ng mga salita ng Diyos. Minsan, ang mga gayong tao ay nangangailangan ng ilang disiplina, harapin at tabasan, pati na rin ang ilang pagbabahagi sa mga prinsipyo, na sinasabi sa kanilang ang isang bagay ay dapat gawin sa isang tiyak na paraan at hindi maaaring gawin sa ibang paraan. “Ang katotohanan ay dapat tanggapin. Nandoon na mismo at makikita. Sino ang mangangahas tumutol dito?” nagtataka sila. Sa bahay ng Diyos, ang Diyos ay dakila, ang katotohanan ay dakila, at ang katotohanan ay naghahari; ginising ng teoretikal na saligang ito ang ilang tao at pinaunawa sa ilang tao kung ano ang ibig sabihin ng pagkakaroon ng pananampalataya sa Diyos. Dalhin sa bahay ng Diyos, at sa mga alituntunin ng pagsasagawa ng tungkulin sa bahay ng Diyos ang isang taong dati nang mabangis at talipandas, ganap na di mapipigil, at walang alam sa mga patakaran, ng paniniwala sa Diyos: Kapag ang gayong tao—na walang nalalaman—ay lumapit sa bahay ng Diyos nang may mabuting hangarin at sigasig, napupuno ng mga dakilang hangarin at pag-asa, at doon ay nahimok at napayuhan, diniligan at pinakain, at hinarap at tinabasan sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos, at tinuwid, dinisiplina, sinubukan, at dinalisay, nang paulit-ulit, pagkatapos, unti-unti, ilang mga pagbabago ang magaganap sa sangkatauhan ng taong iyon. Ano ang mga pagbabagong iyon? Mauunawaan niya ang mga bagay tungkol sa prinsipyo ng pag-uugali ng

tao, at malalamang noon, tila kulang siya sa pagkakatulad sa tao; siya ay mabangis, mapagmataas, at masyadong mapagmalaki; nagsasalita siya at kumikilos nang walang mga prinsipyo, at hindi alam kung paano hanapin ang katotohanan; sa tingin niya, ang pagkakaroon ng pananampalataya sa Diyos ay simpleng usapin lamang ng paggawa ng anumang hinihiling ng Diyos at pagpunta sa kung saan man Niya sabihin, nang may mabangis na lakas; at, dagdag dito, naniniwala ang gayong tao na ito ang katapatan at pagmamahal sa Diyos. Ngayon, tinatanggihan ng taong ito ang lahat ng mga bagay na iyon at alam niyang pag-uugali ni Satanas ang mga iyon, at dapat pakinggan ng mga mananampalataya ng Diyos ang Kanyang mga salita at igalang ang katotohanan bilang dakila, sumusuko sa katas-taasang kapangyarihan nito sa lahat ng bagay. Sa madaling sabi, sa teorya at sa kaibuturan ng kanilang mga puso, naunawaan, kinilala, at tinanggap ng lahat ng tao na ang mga salitang ito ay tama—na sila ang katotohanan, ang realidad ng mga positibong bagay—gaano man kalalim na nakaugat ang mga salitang ito sa kanilang mga puso at gaano man kalaki ang ginampanang tungkulinng mga salitang ito. Paglaon, pagkatapos sumailalim sa isang antas ng hindi madaling unawaing pagtutuwid at disiplina, isang sukatan ng tunay na pananampalataya ang lumilitaw sa kanilang kamalayan. Mula sa kanilang dating malabong pag-iisip ng Diyos hanggang sa pakiramdam na mayroon sila ngayon—na mayroong Diyos, at na Siya ay totoong totoo—sa sandaling magkaroon ng ganitong damdamin ang mga tao sa kanilang pananampalataya sa Diyos, ang kanilang mga saloobin at pananaw kung gayon, mga paraan ng pagtingin sa mga bagay, at pamantayang moral, pati na rin ang kanilang mga paraan ng pag-iisip, ay unti-unting magsisimulang magbago.

Hinango mula sa “Sa pamamagitan lamang ng Paglutas ng mga Kuro-kuro Maaaring Makapasok sa Tamang Landas ng Paniniwala sa Diyos (3)” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Makakaya mo bang kagyat na magsimula na lamang ng pagsasagawa matapos makapagtamo ng ilang pag-unawa sa isang bagay? Hindi mo

makakayang kagyat na magsimula ng pagsasagawa. Bagama't may taglay kang pag-unawa, tinatabas ka ng iba at nagwawasto sa iyo, at pagkaraan ay pinipilit ka at pinupwersa ka na kumilos ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Kung minsan, hindi handa ang mga tao na pagdaanan ito, sinasabing, "Bakit hindi ko ito nagagawa sa ganyang paraan? Kailangan bang gawin ko ito sa ganitong paraan?" Ang iba ay nagsasabi, "Kung naniniwala ka sa Diyos, kung gayon ay dapat mong gawin ito sa ganitong paraan. Ang paggawa nito sa ganitong paraan ay ayon sa katotohanan." Kapag naabot ng mga tao ang isang tiyak na punto kung saan dumanas na sila ng ilang pagsubok at nagtapos sa pagkaunawa sa kalooban ng Diyos at ilang katotohanan, kung gayon ay magiging masaya na sila kahit paano at nahahandang kumilos ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Sa pasimula, ang mga tao ay atubiling magsagawa ng katotohanan. Gawing halimbawa ang matapat na pagtupad sa mga tungkulin: May kaunti kang pagkaunawa sa pagtupad sa mga tungkulin at pagiging matapat sa Diyos, at nauunawaan mo rin ang kaugnay na mga katotohanan, subalit kailan mo ganap na iuukol ang iyong sarili sa Diyos? Kailan mo magagawang tuparin ang iyong mga tungkulin sa ngalan at gawa? Mangangailangan ito ng proseso. Sa prosesong ito, maaaring dumanas ka ng maraming hirap. Maaaring iwasto ka ng ilang tao, maaaring punahin ka ng iba. Matutuon ang lahat ng mata sa iyo, at doon mo lamang masisimulang matanto na ikaw ay nasa mali at ang totoo ay ikaw ang nakagawa ng hindi mabuti, na hindi katanggap-tanggap ang kakulangan ng debosyon sa pagtupad sa iyong tungkulin, at hindi ka dapat maging padalos-dalos at mapagwalang-bahala. Liliwanagan ka ng Banal na Espiritu mula sa loob, at sasawayin ka kapag ikaw ay nagkamali. Sa prosesong ito, mauunawaan mo ang ilang mga bagay tungkol sa iyong sarili, at malalaman mo na labis kang di-dalisay, nagkikimkim ka ng napakaraming personal na motibo, at may napakaraming pagnanasa habang tinutupad ang iyong mga tungkulin. Sa sandaling naunawaan mo na ang diwa ng mga bagay na ito, makakaya mo nang humarap sa Diyos sa panalangin at tunay na magsisi; sa ganitong paraan, malilinisan ka ng mga karumihan. Kung, sa ganitong paraan,

madalas mong hinahanap ang katotohanan upang malutas ang iyong mga sariling praktikal na problema, unti-unting tatapak ka sa tamang landas ng pananampalataya. Mas dinadalisay ang tiwaling disposisyon ng sinuman, mas magbabagong-anyo ang disposisyon ng kanilang buhay.

Hinango mula sa “Ang Dapat Malaman Tungkol sa Pagbabago ng Disposisyon ng Isang Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Nagiging balintiyak ang ibang tao matapos tabasan at pakitunguhan; ganap silang nawawalan ng lakas para gampanan ang kanilang mga tungkulin, at naglalaho rin ang kanilang katapatan. Bakit ganoon? Isang dahilan nito ang kawalan nila ng kamalayan sa diwa ng kanilang mga kilos, at humahantong ito sa kawalan nila ng kakayahang tumanggap ng pagtatabas at pakikitungo. Isa pang dahilan ay ang hindi pa rin nila nauunawaan kung ano ang kabuluhan ng pagiging natabas at napakitunguhan. Naniniwala ang lahat ng tao na nangangahulugan ang pagiging natabas at napakitunguhan na natukoy na ang kanilang kalalabasan. Dahil dito, mali nilang pinaniniwalaan na kung medyo tapat sila sa Diyos, hindi sila dapat pakitunguhan at tabasan; at na kung pinakikitunguhan sila, hindi iyon pagpapahiwatig ng pag-ibig at katuwiran ng Diyos. Ang ganoong maling pagkaunawa ay nagsasanhi na mangahas ang mga tao na hindi maging “tapat” sa Diyos. Sa katunayan, kapag tapos na ang lahat, iyon ay dahil masyado silang mapanlinlang; ayaw nilang dumanas ng hirap. Gusto lang nilang magtamo ng mga pagpapala sa madaling paraan. Walang kamalayan ang mga tao sa katuwiran ng Diyos. Hindi naman dahil wala pa Siyang nagawang anumang matuwid o wala Siyang ginagawang anumang matuwid; sadyang hindi lang kailanman naniniwala ang mga tao na ang ginagawa ng Diyos ay matuwid. Sa mga mata ng tao, kung hindi umaayon ang gawain ng Diyos sa mga kagustuhan ng tao, o hindi iyon umaayon sa inaasahan nila, malamang ay hindi Siya matuwid. Subalit, hindi alam ng mga tao kailanman na ang kanilang mga kilos ay hindi angkop at hindi umaayon sa katotohanan, ni natatanto nila kailanman na nilalabanan ng mga kilos nila ang Diyos. Kung hindi

kailanman pinagalitan ng Diyos ang mga tao, pinakitunguhan sila, o tinabas sila para sa kanilang mga paglabag, ngunit sa halip ay hinayaan silang kumain at magpakasaya kasama Niya, hindi kailanman magrereklamo ang mga tao tungkol sa Diyos o hahatulan Siyang di-matuwid. Sa kanilang pagpapaimbabaw, ipapahayag nilang Siya ay napakamatuwid talaga. Alam ba ng mga gayong tao ang Diyos? Kaya ba ng mga iniisip nila na maging ganap na sang-ayon sa iniisip Niya? Paano magagawa ng mga gayong tao na patigilin ang Diyos sa pag-aalala? Walang kaalam-alam ang mga tao na kapag hinahatulan, tinatabas, at pinapakitunguhan ng Diyos ang sangkatauhan, sinusubukan Niyang dalisayin at baguhin ang mga disposisyon nila sa buhay upang magawa nilang magtagumpay sa pagpapasakop sa Diyos at pagmamahal sa Diyos; sadyang hindi naniniwala ang mga tao na matuwid ang Diyos. Sa sandaling bahagya silang pinagalitan o pinakitunguhan ng Diyos, agad silang nagiging negatibo at mahina at nagsisimulang magreklamo tungkol sa Kanya. Kung magpapatuloy ka sa ganitong paraan, hindi kayo madadalisay at mapeperpekto.

Hinango mula sa “Ang Kahulugan ng Pagpapasya ng Diyos sa Kalalabasan ng Mga Tao Base sa Kanilang Paggawa” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Naniniwala ang ilang tao na matapos maranasan ang paghatol at pagkastigo ng Diyos at mapakitunguhan at matabasan Niya, o kapag nahayag na ang kanilang tunay na kulay, ibig sabihin ay nakataga na sa bato ang kanilang kahahantungan. Karamihan sa mga tao ay hindi makita ang kahihinatnan nito; natitigilan sila at hindi nila alam kung paano sumulong. Karaniwan, kapag kailangan pa silang pakitunguhan at tabasan at hindi pa nakakaranas ng mga problema, pakiramdam nila ay dapat nilang sikaping matamo ang katotohanan at palugurin ang kalooban ng Diyos sa kanilang pananampalataya. Gayunman, sa sandaling magkaroon sila ng kaunting problema o anumang paghihirap, lumalabas ang kanilang likas na kataksilan. Nakasusuklam itong makita. Pagkatapos, sila man ay nasusuklam, at sa huli ay nililimitahan nila ang kanilang sariling wakas, na

sinasabing, “Tapos na ang lahat sa akin! Kung kaya kong gawin ang gayong mga bagay, hindi ba ibig sabihin niyan ay lagot ako? Hindi ako ililigtas ng Diyos kailanman.” Maraming taong ganito ang kalagayan. Masasabi pa nga na ganito ang lahat ng tao. Bakit nililimitahan ng mga tao ang kanilang sarili nang gayon? Pinatutunayan niyan na hindi pa rin nila nauunawaan ang layon ng Diyos na iligtas ang sangkatauhan. Minsan ka lamang mapakitunguhan ay hahantong na sa iyong mahabang pahinga mula sa pagsisikap na matamo ang katotohanan; magkamali ka lamang nang kaunti ay napipigilan ka nang tumupad sa iyong tungkulin; kahit isang maliit na tagpo lamang ay maaaring umipit sa iyo. Para bang masigla lamang ang mga tao kapag nadarama nila na wala silang mali at walang dungis, subalit kapag natuklasan nila na labis silang tiwali, hindi nila maatim na magpatuloy sa pagsisikap na matamo ang katotohanan. Maraming taong nakasambit ng mga salita ng pagkainis at pagkanegatibo tulad ng, “Talagang tapos na ang lahat sa akin; walang paraan para maligtas ako. Kahit pinatatawad ako ng Diyos, hindi ko mapapatawad ang sarili ko; hindi ako magbabago kailanman.” Hindi nauunawaan ng mga tao ang kalooban ng Diyos, na nagpapakita na hindi pa rin nila alam ang Kanyang gawain. Sa katunayan, sa kanilang normal na pagpasok, kung minsan ay nagpapakita ang mga tao ng ilang tiwaling disposisyon, may dungis ang kanilang mga kilos, ayaw nilang managot, hindi sila matapat, at wala silang ingat at hindi interesado—at lahat ng ito ay lubhang natural; bahagi ito ng isang di-maiiwasang pamamarisan. Kung hindi nahayag ang gayong mga bagay, paano sila matatawag na tiwaling mga tao? kung hindi tiwali ang sangkatauhan, mawawalan ng kabuluhan ang gawain ng pagliligtas ng Diyos. Sa kasalukuyan, ang sitwasyon ay na wala sa mga tao ang katotohanan; hindi nila talaga kilala ang kanilang sarili at hindi malinaw sa kanila ang kanilang katayuan, kaya kailangan silang ilantad at pagtuunan. Ang kaliwanagan ay darating lamang kapag nalantad ang mga tao, sapagkat lahat sila ay manhid at mapurol ang isip, at maliban kung magawa ang uring ito ng gawain, hindi sila magbabago.

Hinango mula sa “Kailangang Maunawaan ng Tao na May mga Pagkakatulad at Pagkakaiba sa

Likas na Pagkatao ng mga Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Hindi masamang mabigo at madapa nang maraming beses; gayundin ang malantad. Napangaralan ka man, tinabas, o nalantad, kailangan mong tandaan ito sa lahat ng oras: Hindi komo inilalantad ka ay isinusumpa ka na. Mabuting bagay ang malantad; ito ang pinakamagandang pagkakataon para makilala mo ang iyong sarili. Maaari nitong baguhin ang karanasan mo sa buhay. Kung wala ito, hindi ka magkakaroon ng pagkakataon, ng kundisyon, ni ng konteksto para maunawaan mo ang katotohanan ng iyong katiwalian. Kung malalaman mo ang nasa iyong kalooban, lahat ng aspetong iyon na nakatago sa iyong kaibuturan na mahirap mapansin at matuklasan, mabuti iyan. Ang tunay na makilala ang iyong sarili ang pinakamagandang pagkakataon para mabago mo ang iyong mga pag-uugali at maging isa kang bagong tao; ito ang pinakamagandang oportunidad para magkaroon ka ng bagong buhay. Kapag tunay mong nakilala ang iyong sarili, makikita mo na kapag ang katotohanan ay naging buhay ng isang tao, mahalagang bagay iyon talaga, at mauuhaw ka sa katotohanan at papasok sa realidad. Napakagandang bagay niyan! Kung maaari mong samantalahin ang pagkakataong iyan at taimtim kang magninilay-nilay sa iyong sarili at magtatamo ng tunay na kaalaman tungkol sa iyong sarili tuwing ikaw ay mabibigo o madadapa, sa kabila ng pagiging negatibo at kahinaan, magagawa mong tumayong muli. Kapag nakaraan ka na sa pintuang ito, makakaya mo nang gumawa ng malaking hakbang at pumasok sa katotohanang realidad.

Hinango mula sa “Para Tamuhin ang Katotohanan, Dapat Matuto Ka Mula sa Mga Tao, Mga Pangyayari, at Mga Bagay sa Paligid Mo” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

30. Ang mga Prinsipyo sa Pagdaan sa mga Pagsubok at Pagdadalisay

(1) Ang mga pagsubok at pagdadalisay ay pawang bahagi ng plano ng Diyos. Ang mga ito ay Kanyang pagmamahal, at nakapaloob sa mga ito ang Kanyang kalooban at Kanyang mga hinihingi. Ito ang pinakadakilang

aral;

(2) Kapag dumaraan sa mga pagsubok, kahit gaano pang katiwalian ang nabubunyag sa isang tao, at kahit gaano karaming ulit sila nabibigo at nabubuwal, hindi sila kailanman dapat maghinanakit sa Diyos, bagkus dapat nilang makilala ang kanilang sarili at taos-pusong magsisi;

(3) Ang mga pagsubok at pagdadalisay ang pinakadakilang aral sa pagbabago ng disposisyon ng isang tao. Kung makapananalangin ang isang tao sa Diyos at makaaasa sa Kanya, hanapin ang katotohanan, at handang dumaan sa hirap, siguradong makapaninindigan sila;

(4) Hanapin ang katotohanan at subukang unawain ang kalooban ng Diyos sa lahat ng bagay sa gitna ng mga pagsubok, at hindi ka mapapasa kadiliman, kundi siguradong papatnubayan ka ng mga salita ng Diyos at makikita ang landas ng liwanag.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Sa kanilang pananalig sa Diyos, ang hinahanap ng mga tao ay makakuha ng mga pagpapala para sa hinaharap; ito ang kanilang mithiin sa kanilang pananampalataya. Lahat ng tao ay may ganitong hangad at pag-asa, subali't ang katiwalian sa kanilang kalikasan ay dapat malutas sa pamamagitan ng mga pagsubok. Sa anumang aspeto na hindi kayo dinadalisay, ito ang mga aspeto kung saan dapat kayong mapino—ito ay pagsasaayos ng Diyos. Lumilikha ang Diyos ng isang kapaligiran para sa'yo, pinipilit kang maging pino roon nang sa gayon nalalaman mo ang iyong sariling katiwalian. Sa dakong huli, nararating mo ang isang punto kung saan mas gusto mong mamatay at isuko ang iyong mga pakana at mga ninanasa, at magpasakop sa kataas-taasang kapangyarihan at pagsasaayos ng Diyos. Samakatuwid, kung ang mga tao ay walang ilang taon ng pagpipino, kung hindi sila nagtitiis ng itinakdang dami ng pagdurusa, hindi nila makakayang alisin sa sarili nila ang pagkaalipin ng katiwalian ng laman sa kanilang mga pag-iisip at sa kanilang mga puso. Sa alinmang aspeto na ikaw ay sakop pa rin ng pang-aalipin ni Satanas, at sa alinmang aspeto na mayroon ka pa ring sarili mong mga ninanasa at sarili mong mga hinihingi, ito ang mga aspeto kung saan dapat kang magdusa.

Sa pagdurusa lamang natututunan ang mga aral, ibig sabihin ay nakakamit ang katotohanan, at nauunawaan ang kalooban ng Diyos. Sa katunayan, maraming katotohanan ang nauunawaan sa pagdanas ng masasakit na pagsubok. Walang nakakaabot sa kalooban ng Diyos, nakakakilala sa pagka-makapangyarihan-sa-lahat at karunungan ng Diyos, o nagpapahalaga sa matuwid na disposisyon ng Diyos kapag nasa isang maginhawa at magaang kapaligiran o kapag ang mga kaganapan ay kaaya-aya. Iyan ay magiging imposible!

Hinango mula sa "Paano Ang Isa ay Dapat Magbigay-kasiyahan sa Diyos sa Gitna ng Mga Pagsubok" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Nahaharap sa kalagayan ng tao at saloobin ng tao sa Diyos, gumawa ang Diyos ng bagong gawain, na pinahihintulutan ang tao na taglayin pareho ang kaalaman ukol sa Kanya at pagkamasunurin sa Kanya, at kapwa pag-ibig at patotoo. Kaya, kailangang maranasan ng tao ang pagpipino ng Diyos sa kanya, gayundin ang Kanyang paghatol, pakikitungo at pagtatabas sa kanya, kung wala ito hindi kailanman makikilala ng tao ang Diyos, at hindi kailanman makakaya na tunay na umibig at magpatotoo sa Kanya. Ang pagpipino ng Diyos sa tao ay hindi lamang para sa kapakanan ng isang may-kinikilingang epekto, nguni't para sa kapakanan ng isang maraming-mukhang epekto. Sa ganitong paraan lamang ginagawa ng Diyos ang gawain ng pagpipino sa kanila na nakahandang hanapin ang katotohanan, upang ang kapasiyahan at pag-ibig nila ay magawang perpekto ng Diyos. Sa kanilang mga nakahandang hanapin ang katotohanan at nananabik para sa Diyos, walang anuman ang mas makahulugan, o lubhang makatutulong, kaysa sa pagpipino na kagaya nito. Ang disposisyon ng Diyos ay hindi kaagad nakikilala o nauunawaan ng tao, sapagka't ang Diyos, sa bandang huli, ay Diyos. Sa huli, imposible para sa Diyos na magkaroon ng kaparehong disposisyon kagaya ng sa tao, at kaya hindi madali para sa tao na malaman ang Kanyang disposisyon. Ang katotohanan ay hindi likas na taglay ng tao, at hindi madaling nauunawaan ng mga ginawang tiwali ni Satanas; ang tao ay walang katotohanan, at

walang kapasiyahan na isagawa ang katotohanan, at kung hindi siya nagdurusa at hindi pinipino o hinahatulan, ang kanyang kapasiyahan ay hindi magagawang perpekto kailanman. Para sa lahat ng mga tao, ang pagpipino ay napakasakit, at napakahirap tanggapin—nguni't sa panahon ng pagpipino ginagawang payak ng Diyos ang Kanyang matuwid na disposisyon sa tao, at isinasapubliko ang Kanyang mga hinihingi para sa tao, at nagbibigay ng mas maraming kaliwanagan, at mas maraming pagtatabas at pakikitungo; sa pamamagitan ng paghahambing sa mga katunayan at sa katotohanan, binibigyan Niya ang tao ng higit na kaalaman sa sarili niya at sa katotohanan, at binibigyan ang tao ng higit na pagkaunawa sa kalooban ng Diyos, sa gayon ay pinahihintulutan ang tao na magkaroon ng mas tunay at mas dalisay na pag-ibig sa Diyos. Iyon ang mga layunin ng Diyos sa pagpapatupad ng pagpipino. Lahat ng gawain na ginagawa ng Diyos sa tao ay may sariling mga layunin at kabuluhan; ang Diyos ay hindi gumagawa ng walang kabuluhang gawain, ni hindi Siya gumagawa ng gawain na walang pakinabang sa tao. Ang pagpipino ay hindi nangangahulugan ng pag-aalis sa mga tao mula sa harap ng Diyos, at ni nangangahulugan ng pagwasak sa kanila sa impiyerno. Sa halip, nangangahulugan ito ng pagbabago sa disposisyon ng tao sa panahon ng pagpipino, pagbabago sa kanyang mga intensyon, sa kanyang dating mga pananaw, pagbabago sa kanyang pag-ibig sa Diyos, at pagbabago sa kanyang buong buhay. Ang pagpipino ay isang totoong pagsubok sa tao, at isang anyo ng totoong pagsasanay, at sa panahon lamang ng pagpipino magagampanan ng kanyang pag-ibig ang likas nitong tungkulin.

Hinango mula sa "Sa Pamamagitan Lamang ng Pagdanas ng Pagpipino Maaaring Magtaglay ang Tao ng Tunay na Pag-ibig" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kapag ang Diyos ay gumagawa upang pinuhin ang tao, nagdurusa ang tao. Kapag mas matindi ang pagpipino sa tao, mas titindi ang kanilang pagmamahal sa Diyos, at nabubunyag ang higit pang kapangyarihan ng Diyos sa kanilang kalooban. Sa kabaligtaran, kapag mas katiting ang tinatanggap na pagpipino ng tao, mas katiting ang paglago ng kanilang

pagmamahal sa Diyos, at mas katiting na kapangyarihan ng Diyos ang mabubunyag sa kanilang kalooban. Kapag mas matindi ang pagpipino at pasakit sa taong iyon at dumaranas siya ng mas malaking pahirap, mas lalago ang kanyang pagmamahal sa Diyos, magiging mas tunay ang kanyang pananampalataya sa Diyos, at mas lalalim ang kanyang kaalaman tungkol sa Diyos. Sa iyong mga karanasan, may makikita kang mga tao na nagdurusa nang malaki kapag sila ay pinipino, na pinakikitunguhan at dinidisiplina nang husto, at makikita mo na ang mga taong iyon ang may matinding pagmamahal sa Diyos at mas malalim at matalas na kaalaman tungkol sa Diyos. Yaong mga hindi pa nakaranas na mapakitunguhan ay mababaw lamang ang kaalaman, at ang masasabi lamang ay: “Napakabuti ng Diyos, ipinagkakaloob Niya ang biyaya sa mga tao upang magpakasaya sila sa Kanya.” Kung naranasan ng mga tao na mapakitunguhan at madisiplina, nagagawa nilang talakayin ang tunay na kaalaman tungkol sa Diyos. Kaya kapag mas kamangha-mangha ang gawain ng Diyos sa tao, mas mahalaga at makabuluhan ito. Kapag mas hindi ito tumatagos sa iyo at mas hindi ito kaayon ng iyong mga pagkaintindi, mas nagagawa kang lupigin, kamtin, at gawing perpekto ng gawain ng Diyos. Napakalaki ng kabuluhan ng gawain ng Diyos! Kung hindi pinino ng Diyos ang tao sa ganitong paraan, kung hindi Siya gumawa ayon sa pamamaraang ito, hindi magiging epektibo at mawawalan ng kabuluhan ang gawain ng Diyos. Sinabi noong araw na pipiliin at kakamtin ng Diyos ang grupong ito, at gagawin silang ganap sa mga huling araw; dito, mayroong pambihirang kabuluhan. Kapag mas matindi ang gawaing isinasagawa Niya sa inyong kalooban, mas malalim at mas dalisay ang inyong pagmamahal sa Diyos. Kapag mas matindi ang gawain ng Diyos, mas nagagawa ng tao na maunawaan nang bahagya ang Kanyang karunungan at mas malalim ang kaalaman ng tao tungkol sa Kanya. Sa mga huling araw, ang anim na libong taong plano ng pamamahala ng Diyos ay magwawakas. Talaga bang madali iyong magwawakas? Kapag nalupig na Niya ang sangkatauhan, tapos na ba ang Kanyang gawain? Ganoon ba iyon kasimple? Iniisip ng mga tao na ganoon nga iyon kasimple, ngunit ang

ginagawa ng Diyos ay hindi napakasimple. Anumang bahagi ng gawain ng Diyos ang gusto mong banggitin, lahat ay hindi maarok ng tao. Kung nagawa mong arukin ito, mawawalan ng kabuluhan o halaga ang gawain ng Diyos. Ang gawaing ginagawa ng Diyos ay di-maarok; lubos itong salungat sa iyong mga pagkaintindi, at kapag mas hindi ito kaayon ng iyong mga pagkaintindi, mas ipinakikita nito na makabuluhan ang gawain ng Diyos; kung kaayon ito ng iyong mga pagkaintindi, mawawalan ito ng kabuluhan. Ngayon, nadarama mo na ang gawain ng Diyos ay lubhang kamangha-mangha, at kapag mas kamangha-mangha ito sa pakiramdam mo, mas nadarama mo na ang Diyos ay di-maarok, at nakikita mo kung gaano kadakila ang mga gawa ng Diyos. Kung ang tanging ginawa Niya ay mababaw at padalus-dalos na gawain upang lupigin ang tao at wala na Siyang ibang ginawa pagkatapos, mawawalan ng kakayahan ang tao na mamasdan ang kabuluhan ng gawain ng Diyos. Bagama't tumatanggap ka ngayon ng kaunting pagpipino, malaki ang pakinabang nito sa iyong paglago sa buhay; kaya't napakahalagang dumanas ka ng gayong paghihirap. Ngayon, tumatanggap ka ng kaunting pagpipino, ngunit pagkatapos ay tunay mong mamamalas ang mga gawa ng Diyos, at sasabihin mo sa huli: "Lubhang kamangha-mangha ang mga gawa ng Diyos!" Ito ang sasambitin ng puso mo. Dahil naranasan nila sandali ang pagpipino ng Diyos (ang pagsubok sa mga tagasilbi at ang panahon ng pagkastigo), sinabi ng ilang tao sa huli: "Mahirap talagang maniwala sa Diyos!" Ang katotohanan na ginamit nila ang mga salitang, "mahirap talaga," ay nagpapakita na ang mga gawa ng Diyos ay di-maarok, na ang gawain ng Diyos ay may dakilang kabuluhan at halaga, at na ang Kanyang gawain ay lubhang karapat-dapat na pahalagahan ng tao. Kung, pagkatapos Kong gumawa ng napakaraming gawain, wala ka ni katiting na kaalaman, magkakaroon pa ba ng halaga ang Aking gawain? Sasabihin mo dahil dito na: "Mahirap talagang maglingkod sa Diyos, lubhang kamangha-mangha ang mga gawa ng Diyos, at talagang matalino ang Diyos! Ang Diyos ay lubhang kaibig-ibig!" Kung, matapos sumailalim sa isang panahon ng karanasan, nagagawa mong sabihin ang mga salitang

iyon, pinatutunayan nito na natamo mo na ang gawain ng Diyos sa iyong kalooban.

Hinango mula sa “Yaong mga Gagawing Perpekto ay Kailangang Sumailalim sa Pagpipino” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Tuwing nahaharap ka sa mga bagay na hindi akma sa iyong mga pagkaintindi at na kinakailangang isantabi mo ang iyong sarili, ang mga bagay na iyon ang mga pagsubok sa iyo. Bago mahayag ang kalooban ng Diyos, lahat ay nagdaraan sa isang mahigpit na pagsusuri at napakalaking pagsubok. Naaarok mo ba ito? Kapag gusto ng Diyos na subukin ang mga tao, palagi Niya silang hinahayaang pumili bago ibunyag ang aktwal na katotohanan. Ibig sabihin, kapag isinasailalim ng Diyos ang tao sa mga pagsubok, hindi Niya kailanman sasabihin sa iyo ang katotohanan; sa ganyang paraan inilalantad ang mga tao. Isang paraan ito ng pagsasagawa ng Diyos ng Kanyang gawain, upang makita kung kilala mo ang Diyos ngayon, at kung nagtataglay ka ng anumang realidad.

Hinango mula sa “Pagsasagawa Lamang ng Katotohanan ang Pagtataglay ng Realidad” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Habang sumasailalim sa mga pagsubok, normal sa mga tao ang manghina, o maging negatibo ang kalooban, o hindi malinawan ang kalooban ng Diyos o ang landas ng kanilang pagsasagawa. Ngunit ano’t anuman, kailangan mong magkaroon ng pananampalataya sa gawain ng Diyos, at huwag itanggi ang Diyos, gaya ni Job. Bagama’t mahina si Job at isinumpa ang araw ng kanyang sariling pagsilang, hindi niya itinanggi na lahat ng bagay sa buhay ng tao ay ipinagkaloob ni Jehova, at na si Jehova rin ang Siyang babawi sa lahat ng ito. Paano man siya sinubok, pinanatili niya ang pananampalatayang ito. Sa iyong karanasan, anumang pagpipino ang pinagdaraanan mo sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos, ang hinihiling ng Diyos sa sangkatauhan, sa madaling salita, ay ang kanilang pananampalataya at pagmamahal sa Kanya. Ang Kanyang ginagawang perpekto sa pamamagitan ng paggawa sa ganitong paraan ay ang pananampalataya, pagmamahal, at mga hangarin ng mga tao. Ginagawa

ng Diyos ang gawain ng pagpeperpekto sa mga tao, at hindi nila ito nakikita, hindi ito nadarama; sa gayong mga sitwasyon, kinakailangan ang iyong pananampalataya. Kinakailangan ang pananampalataya ng mga tao kapag may isang bagay na hindi nakikita ng mata lamang, at kinakailangan ang iyong pananampalataya kapag hindi mo mapakawalan ang iyong sariling mga pagkaintindi. Kapag hindi malinaw sa iyo ang gawain ng Diyos, ang kinakailangan mong gawin ay manampalataya at manindigan at tumayong saksi. Nang umabot si Job sa puntong ito, nagpakita sa kanya ang Diyos at nangusap sa kanya. Ibig sabihin, sa pananampalataya mo lamang makikita ang Diyos, at kapag mayroon kang pananampalataya gagawin kang perpekto ng Diyos. Kung wala kang pananampalataya, hindi Niya ito magagawa. Ipagkakaloob sa iyo ng Diyos ang anumang inaasam mong makamtan. Kung wala kang pananampalataya, hindi ka magagawang perpekto at hindi mo makikita ang mga kilos ng Diyos, lalo na ang Kanyang pagiging makapangyarihan sa lahat. Kapag nananampalataya kang makikita mo ang Kanyang mga kilos sa iyong praktikal na karanasan, magpapakita sa iyo ang Diyos, at liliwanagan at gagabayan ka Niya sa iyong kalooban. Kung wala ang pananampalatayang iyon, hindi iyan magagawa ng Diyos. Kung nawala na ang pag-asa mo sa Diyos, paano mo mararanasan ang Kanyang gawain? Kung gayon, kapag lamang mayroon kang pananampalataya at hindi ka nagkikimkim ng mga pagdududa sa Diyos, kapag lamang mayroon kang tunay na pananampalataya sa Kanya anuman ang gawin Niya, saka ka Niya liliwanagan at tatanglawan sa iyong mga karanasan, at saka mo pa lamang makikita ang Kanyang mga kilos. Nakakamtan ang lahat ng ito sa pamamagitan ng pananampalataya. Nakakamtan lamang ang pananampalataya sa pamamagitan ng pagpipino, at kapag walang pagpipino, hindi magkakaroon ng pananampalataya. Ano ang tinutukoy ng salitang “pananampalataya”? Ang pananampalataya ay ang tunay na paniniwala at tapat na pusong dapat taglayin ng mga tao kapag hindi nila nakikita o nahahawakan ang isang bagay, kapag ang gawain ng Diyos ay hindi naaayon sa mga pagkaintindi ng tao, kapag hindi ito kayang abutin ng

tao. Ito ang pananampalatayang binabanggit Ko. Kailangang manampalataya ang mga tao sa mga panahon ng paghihirap at pagpipino, at ang pananampalataya ay isang bagay na sinusundan ng pagpipino; hindi mapaghihiwalay ang pagpipino at pananampalataya. Paano man gumawa ang Diyos, at anuman ang iyong sitwasyon, nagagawa mong hangarin ang buhay at hanapin ang katotohanan, at hangaring makaalam tungkol sa gawain ng Diyos, at magkaroon ng pag-unawa sa Kanyang mga kilos, at nagagawa mong kumilos alinsunod sa katotohanan. Ang paggawa nito ang kahulugan ng pagkakaroon ng tunay na pananampalataya, at ang paggawa nito ay nagpapakita na hindi ka nawalan ng pananampalataya sa Diyos. Magkakaroon ka lamang ng tunay na pananampalataya sa Diyos kung nagagawa mong piliting hangarin ang katotohanan sa pamamagitan ng pagpipino, kung nagagawa mong tunay na mahalin ang Diyos at hindi ka nagkakaroon ng mga pagdududa tungkol sa Kanya, kung isinasagawa mo pa rin ang katotohanan anuman ang gawin Niya upang mapalugod Siya, at kung nagagawa mong hangarin nang taos-puso ang Kanyang kalooban at isaalang-alang ang Kanyang kalooban. Noong araw, nang sinabi ng Diyos na mamumuno ka bilang isang hari, minahal mo Siya, at nang hayagan Siyang magpakita sa iyo, sinundan mo Siya. Ngunit ngayon nakatago ang Diyos, hindi mo Siya nakikita, at nagkaroon ka ng mga problema—nawawalan ka na ba ng pag-asa sa Diyos? Kaya nga, kailangan mong hangarin ang buhay at hangaring mapalugod ang kalooban ng Diyos sa lahat ng oras. Ang tawag dito ay tunay na pananampalataya, at ito ang pinakatunay at pinakamagandang uri ng pagmamahal.

Hinango mula sa “Yaong mga Gagawing Perpekto ay Kailangang Sumailalim sa Pagpipino” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa bawat hakbang ng gawain ng Diyos, may isang paraan na dapat makipagtulungan ang mga tao. Pinipino ng Diyos ang mga tao upang magkaroon sila ng pagtitiwala sa gitna ng mga pagpipino. Ginagawang perpekto ng Diyos ang mga tao upang magkaroon sila ng pagtitiwala na

gawing perpekto ng Diyos at maging handang tanggapin ang Kanyang mga pagpipino at ang pakikitungo at pagtatabas ng Diyos. Gumagawa ang Espiritu ng Diyos sa mga tao upang bigyan sila ng kaliwanagan at pagpapalinaw, at upang makipagtulungan sila sa Kanya at magsagawa. Ang Diyos ay hindi nagsasalita sa mga oras ng pagpipino. Hindi Niya ipinaparinig ang Kanyang tinig, ngunit mayroon pa ring gawaing dapat gawin ang mga tao. Dapat mong panindigan ang natamo mo na, dapat mo pa ring magawang manalangin sa Diyos, maging malapit sa Diyos, at tumayong saksi sa harap ng Diyos; sa ganitong paraan magagampanan mo ang iyong tungkulin. Dapat makita ninyong lahat nang malinaw mula sa gawain ng Diyos na kinakailangan sa Kanyang mga pagsubok sa tiwala at pagmamahal ng mga tao na lalo pa silang manalangin sa Diyos, at na mas madalas nilang lasapin ang mga salita ng Diyos sa Kanyang harapan. Kung nililiwanagan ka ng Diyos at ipinauunawa sa iyo ang Kanyang kalooban, subalit hindi mo isinasagawa ang anuman dito, wala kang mapapala. Kapag isinasagawa mo ang mga salita ng Diyos, dapat ay magawa mo pa ring manalangin sa Kanya, at kapag nilalasap mo ang Kanyang mga salita dapat kang humarap sa Kanya at maghangad at maging buo ang iyong tiwala sa Kanya, nang walang bahid ng pananamlay o panlalamig. Yaong mga hindi nagsasagawa ng mga salita ng Diyos ay masiglang-masigla sa mga oras ng pagtitipon, ngunit nagdidilim ang mundo pagkauwi nila. Mayroong ilan na ni ayaw magtipun-tipon. Kaya, kailangan mong makita nang malinaw kung anong tungkulin ang dapat tuparin ng mga tao. Maaaring hindi mo alam kung ano talaga ang kalooban ng Diyos, ngunit maaari mong gampanan ang iyong tungkulin, maaari kang manalangin kung kailan nararapat, maaari mong isagawa ang katotohanan kung kailan nararapat, at maaari mong gawin ang nararapat gawin ng mga tao. Maaari mong panindigan ang iyong orihinal na pananaw. Sa ganitong paraan, mas magagawa mong tanggapin ang susunod na hakbang ng gawain ng Diyos. Kapag tago ang paraan ng paggawa ng Diyos, problema iyan kung hindi ka maghahanap. Kapag Siya ay nagsasalita at nangangaral sa oras ng mga pagpupulong, masigasig kang nakikinig, ngunit kapag hindi

Siya nagsasalita, wala kang sigla at umuurong ka. Anong klaseng tao ang kumikilos nang ganito? Ito ay isang taong sumusunod lamang sa karamihan. Wala silang paninindigan, walang patotoo, at walang pananaw! Ganito ang karamihan sa mga tao. Kung magpapatuloy ka sa gayong paraan, balang araw kapag nagkaroon ka ng matinding pagsubok, babagsak ka sa kaparusahan. Ang pagkakaroon ng paninindigan ay napakahalaga sa proseso ng pagperpekto ng Diyos sa mga tao. Kung wala kang duda sa anumang hakbang ng gawain ng Diyos, kung ginagampanan mo ang tungkulin ng tao, kung tapat mong pinaninindigan ang ipinagagawa sa iyo ng Diyos, ibig sabihin, natatandaan mo ang mga payo ng Diyos, at anuman ang Kanyang gawin sa kasalukuyan ay hindi mo kinalilimutan ang Kanyang mga payo, kung wala kang duda tungkol sa Kanyang gawain, nananatili kang naninindigan, pinaninindigan mo ang iyong patotoo, at tagumpay ka sa lahat ng pagkakataon, sa bandang huli ay gagawin kang perpekto ng Diyos at gagawin kang isang mananagumpay. Kung nagagawa mong manindigan sa bawat hakbang ng mga pagsubok ng Diyos, at kung kaya mo pa ring manindigan hanggang sa pinakahuli, ikaw ay isang mananagumpay, isa kang taong nagawa nang perpekto ng Diyos.

Hinango mula sa “Dapat Mong Panatilihin ang Iyong Katapatan sa Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang layunin ng gawaing pagpipino una sa lahat ay upang gawing perpekto ang pananampalataya ng mga tao. Sa huli, ang nakamtan ay na nais mong umalis ngunit, kasabay nito, hindi mo magawa; nagagawa pa ring manampalataya ng ilang tao kahit wala sila ni katiting na pag-asa; at ni hindi na umaasa man lang ang mga tao hinggil sa kanilang sariling mga inaasam sa hinaharap. Sa panahong ito lamang matatapos ang pagpipino ng Diyos. Hindi pa rin nakakarating ang tao sa yugtong mabitin sa pagitan ng buhay at kamatayan, at hindi pa nila natitikman ang kamatayan, kaya hindi pa tapos ang proseso ng pagpipino. Maging yaong mga nasa hakbang ng mga tagasilbi ay hindi pa lubos na napipino. Matindi ang pagpipinong pinagdaanan ni Job, at wala siyang nasandigan. Kailangang

sumailalim sa mga pagpipino ang mga tao hanggang sa puntong wala na silang pag-asa at wala nang masandigan—ito lamang ang tunay na pagpipino. Sa panahon ng mga tagasilbi, kung palaging tahimik ang puso mo sa harap ng Diyos, at anuman ang Kanyang ginawa at anuman ang Kanyang kalooban noon para sa iyo, sinunod mo palagi ang Kanyang mga plano, sa dulo ng landas ay mauunawaan mo ang lahat ng nagawa ng Diyos. Sumasailalim ka sa mga pagsubok kay Job, at kasabay nito ay sumasailalim ka sa mga pagsubok kay Pedro. Noong sinubok si Job, tumayo siyang saksi, at sa huli, ipinakita sa Kanya si Jehova. Pagkatapos niyang tumayong saksi, saka lamang siya naging karapat-dapat na makita ang mukha ng Diyos. Bakit sinabing: “Nagtatago Ako mula sa lupain ng karumihan ngunit ipinakikita Ko ang Aking Sarili sa banal na kaharian”? Ibig sabihin niyan ay kapag ikaw ay banal at tumatayong saksi, saka ka lamang magkakaroon ng dangal na makita ang mukha ng Diyos. Kung hindi ka makatayong saksi para sa Kanya, wala kang dangal para makita ang Kanyang mukha. Kung aatras ka o magrereklamo laban sa Diyos sa harap ng mga pagpipino, sa gayon ay bigo kang tumayong saksi para sa Kanya at pinagtatawanan ka ni Satanas, hindi mo makakamtan ang pagpapakita ng Diyos. Kung katulad ka ni Job, na sa gitna ng mga pagsubok ay isinumpa ang kanyang sariling laman at hindi nagreklamo laban sa Diyos, at nagawang kamuhian ang kanyang sariling laman nang hindi nagrereklamo o nagkakasala sa pamamagitan ng kanyang mga salita, tatayo kang saksi. Kapag sumasailalim ka sa mga pagpipino kahit paano at kaya mo pa ring maging katulad ni Job, na lubos na masunurin sa harap ng Diyos at walang ibang mga kinakailangan sa Kanya o sarili mong mga pagkaintindi, magpapakita sa iyo ang Diyos. Ngayon ay hindi nagpapakita sa iyo ang Diyos dahil napakarami mong sariling mga pagkaintindi, personal na pagkiling, makasariling ideya, indibiduwal na pangangailangan at interes ng laman, at hindi ka karapat-dapat na makita ang Kanyang mukha. Kung makikita mo ang Diyos, susukatin mo Siya sa pamamagitan ng iyong sariling mga pagkaintindi, at dahil doon, ipapako mo Siya sa krus. Kung maraming bagay ang sumasapit sa iyo na hindi nakaayon sa iyong

mga pagkaintindi ngunit nagagawa mong isantabi ang mga iyon at magtamo ng kaalaman tungkol sa mga kilos ng Diyos mula sa mga bagay na ito, at kung sa gitna ng mga pagpipino ay ipinapakita mo ang iyong pusong nagmamahal sa Diyos, ito ay pagtayong saksi. Kung mapayapa ang iyong tahanan, natatamasa mo ang mga kaginhawahan ng laman, walang umuusig sa iyo, at sinusunod ka ng iyong mga kapatid sa iglesia, maipapakita mo ba ang iyong pusong nagmamahal sa Diyos? Mapipino ka ba ng sitwasyong ito? Makikita ang iyong pagmamahal sa Diyos sa pamamagitan lamang ng pagpipino, at magagawa kang perpekto sa pamamagitan lamang ng mga bagay na nangyayari na hindi nakaayon sa iyong mga pagkaintindi. Sa pamamagitan ng maraming salungat at negatibong bagay, at paggamit ng lahat ng uri ng pagpapakita ni Satanas—mga kilos nito, mga paratang, mga paggambala at panlilinlang—malinaw na ipinapakita ng Diyos sa iyo ang nakakatakot na mukha ni Satanas, at sa gayo'y ginagawang perpekto ang iyong kakayahang makilala si Satanas, upang kamuhian mo si Satanas at talikuran ito.

Hinango mula sa "Yaong mga Gagawing Perpekto ay Kailangang Sumailalim sa Pagpipino" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kinakailangan sa paniniwala sa Diyos ang pagsunod sa Kanya at pagdanas ng Kanyang gawain. Napakalaki ng nagawa ng Diyos—masasabi na para sa mga tao lahat ng ito ay pagpeperpekto, pagpipino, at bukod pa rito, pagkastigo. Wala pa ni isang hakbang ng gawain ng Diyos na nakaayon sa mga pagkaintindi ng tao; ang natamasa ng mga tao ay ang mababagsik na salita ng Diyos. Kapag pumarito ang Diyos, dapat matamasa ng mga tao ang Kanyang kamahalan at Kanyang poot. Gayunman, gaano man kabagsik ang Kanyang mga salita, pumarito Siya para iligtas at gawing perpekto ang sangkatauhan. Bilang mga nilalang, dapat tuparin ng mga tao ang mga tungkuling dapat nilang tuparin, at tumayong saksi para sa Diyos sa gitna ng pagpipino. Sa bawat pagsubok dapat nilang panindigan ang pagpapatotoong dapat nilang gawin, at gawin iyon nang lubhang matunog para sa Diyos. Ang isang taong gumagawa

nito ay isang mananagumpay. Paano ka man pinuhin ng Diyos, nananatili kang puno ng tiwala at hindi nawawalan ng tiwala sa Kanya. Ginagawa mo ang dapat gawin ng tao. Ito ang hinihiling ng Diyos sa tao, at dapat magawa ng puso ng tao na lubos na bumalik at bumaling sa Kanya sa bawat sandaling lumilipas. Ito ay isang mananagumpay. Yaong mga tinutukoy ng Diyos na mga "mananagumpay" ay yaong mga nagagawa pang tumayong saksi at mapanatili ang kanilang tiwala at katapatan sa Diyos kapag nasa ilalim sila ng impluwensya ni Satanas at nilulusob ni Satanas, ibig sabihin, kapag nasa gitna sila ng mga puwersa ng kadiliman. Kung nagagawa mo pa ring magpanatili ng isang dalisay na puso sa harap ng Diyos at ng tunay na pagmamahal para sa Diyos anuman ang mangyari, ikaw ay tumatayong saksi sa harap ng Diyos, at ito ang tinutukoy ng Diyos na pagiging isang "mananagumpay."

Hinango mula sa "Dapat Mong Panatilihin ang Iyong Katapatan sa Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung hindi mo alam ang disposisyon ng Diyos, tiyak na mahuhulog ka kapag may mga pagsubok, dahil hindi mo alam kung paano ginagawang perpekto ng Diyos ang mga tao; at sa anong paraan Niya ginagawa silang perpekto, at kapag dumating ang mga pagsubok ng Diyos sa iyo at hindi sila tumutugma sa iyong mga kuro-kuro, hindi mo magagawang manindigan. Ang totoong pagmamahal ng Diyos ay ang Kanyang buong disposisyon, at kapag ipinapakita sa mga tao ang buong disposisyon ng Diyos, ano ang dala nito sa iyong laman? Kapag ipinapakita sa mga tao ang matuwid na disposisyon ng Diyos, tiyak na daranas ng matinding sakit ang kanilang laman. Kung hindi mo pagdurusahan ang sakit na ito, hindi ka magagawang perpekto ng Diyos, at hindi ka rin makapag-uukol ng totoong pagmamahal sa Diyos. Kung ginagawa kang perpekto ng Diyos, tiyak na ipakikita Niya sa iyo ang Kanyang buong disposisyon. Mula sa panahon ng paglikha hanggang ngayon, hindi pa kailanman ipinakita ng Diyos ang Kanyang buong disposisyon sa tao—ngunit sa mga huling araw, Kanyang ibinubunyag ito sa grupong ito ng mga tao na Kanya nang itinalaga at pinili,

at sa pagpeperpekto sa mga tao, Kanyang inilalantad ang Kanyang mga disposisyon, kung saan sa pamamagitan nito ay Kanyang ginagawang ganap ang isang grupo ng mga tao. Ganyan ang tunay na pag-ibig ng Diyos sa mga tao. Ang pagdanas ng tunay na pag-ibig ng Diyos ay nangangailangan sa mga tao na magtiis ng matinding sakit, at magbayad ng isang malaking halaga. Pagkatapos lamang nito na sila ay makakamit ng Diyos at magagawang magsukli ng kanilang tunay na pag-ibig sa Diyos, at saka lamang masisiyahan ang puso ng Diyos. Kung nais ng mga tao na gawin silang perpekto ng Diyos, at kung nais nilang gawin ang Kanyang kalooban, at ganap na ipagkaloob ang kanilang tunay na pag-ibig sa Diyos, dapat nilang maranasan ang matinding pagdurusa at maraming pasakit mula sa mga pagkakataon, at magdusa ng sakit na mas masahol pa kaysa kamatayan. Sa huli, mapipilitan silang ibigay ang kanilang totoong puso pabalik sa Diyos. Kung tunay na mahal o hindi ng isang tao ang Diyos ay nabubunyag sa panahon ng paghihirap at pagdadalisay. Nililinis ng Diyos ang pag-ibig ng mga tao, at ito rin ay nakakamit lamang sa gitna ng paghihirap at pagdadalisay.

Hinango mula sa “Ang Pagmamahal Lamang sa Diyos ang Tunay na Pananampalataya sa Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Paano dapat ibigin ng tao ang Diyos sa panahon ng pagpipino? Sa pamamagitan ng kapasiyahan na ibigin ang Diyos upang tanggapin ang Kanyang pagpipino: Sa panahon ng pagpipino ikaw ay nagdurusa sa loob, na para bang isang kutsilyo ang pinipilipit sa iyong puso, nguni’t nakahanda kang mapalugod ang Diyos gamit ang iyong puso, na umiibig sa Kanya, at ayaw mong intindihin ang laman. Ito ang kahulugan ng pagsasagawa sa pag-ibig sa Diyos. Nasasaktan ka sa loob, at ang iyong pagdurusa ay nakarating na sa isang partikular na punto, nguni’t nakahanda ka pa ring lumapit sa harap ng Diyos at manalangin, na sinasabi: “O Diyos! Hindi kita maaaring iwan. Bagama’t mayroong kadiliman sa loob ko, nais kong mapalugod Ka; kilala Mo ang aking puso, at hinihiling ko na mamuhunan Ka ng mas marami Mong pag-ibig sa loob ko.” Ito ang pagsasagawa sa

panahon ng pagpipino. Kung gagamitin mo ang pag-ibig sa Diyos bilang saligan, maaari kang mas mailapit ng pagpipino sa Diyos at gagawin kang mas matalik sa Diyos. Yamang naniniwala ka sa Diyos, dapat mong isuko ang iyong puso sa harap ng Diyos. Kung ihahandog at ilalatag mo ang iyong puso sa harap ng Diyos, sa panahon ng pagpipino ay magiging imposible para sa iyo na ikaila ang Diyos, o iwan ang Diyos. Sa ganitong paraan ang iyong relasyon sa Diyos ay magiging lalong mas malapit, at lalong mas normal, at ang iyong pakikipagniig sa Diyos ay magiging lalong mas madalas. Kung palagi kang nagsasagawa sa ganitong paraan, gugugol ka ng mas maraming panahon sa liwanag ng Diyos, at ng mas maraming panahon sa ilalim ng patnubay ng Kanyang mga salita. Magkakaroon din ng higit pang mas maraming pagbabago sa iyong disposisyon, at ang iyong kaalaman ay madaragdagan araw-araw. Kapag dumating ang araw na ang mga pagsubok ng Diyos ay biglang sumapit sa iyo, hindi ka lamang makapaninindigan sa panig ng Diyos, nguni't magagawa mo ring magpatotoo sa Diyos. Sa panahong iyon, ikaw ay magiging kagaya ni Job, at ni Pedro. Sa pagpapatotoo sa Diyos iibigin mo Siya nang tunay, at iaalay nang may kagalakan ang iyong buhay para sa Kanya; ikaw ay magiging saksi ng Diyos, at magiging pinakaiibig ng Diyos. Ang pag-ibig na nakaranas na ng pagpipino ay matatag, hindi mahina. Kailan man o paano ka man isinasailalim ng Diyos sa Kanyang mga pagsubok, nagagawa mong ilatag ang iyong mga pag-aalala tungkol sa kung mabubuhay o mamamatay ka, isantabi ang lahat nang may kagalakan para sa Diyos, at masayang tiisin ang anuman para sa Diyos—at kaya ang iyong pag-ibig ay magiging dalisay, at ang iyong pananampalataya ay magiging totoo. Sa gayon ka lamang magiging isang tunay na iniibig ng Diyos, at isang tunay na nagawang perpekto na ng Diyos.

Hinango mula sa "Sa Pamamagitan Lamang ng Pagdanas ng Pagpipino Maaaring Magtaglay ang Tao ng Tunay na Pag-ibig" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Habang lalong tumitindi ang pagpipino ng Diyos, lalong mas

nagagawa ng mga puso ng mga tao na ibigin ang Diyos. Ang pagdurusa sa kanilang mga puso ay kapaki-pakinabang sa kanilang mga buhay, lalo nilang nagagawang maging panatag sa harap ng Diyos, ang kanilang relasyon sa Diyos ay mas malapit, at mas mahusay nilang nagagawang makita ang kataas-taasang pag-ibig ng Diyos at ang Kanyang kataas-taasang pagliligtas. Si Pedro ay dumanas ng pagpipino nang daan-daang beses, at si Job ay sumailalim sa maraming pagsubok. Kung nais ninyong magawang perpekto ng Diyos, dapat din kayong sumailalim sa pagpipino nang daan-daang beses; magagawa lamang ninyo na mapalugod ang kalooban ng Diyos at magawang perpekto ng Diyos kung pagdadaanan ninyo ang prosesong ito at umasa sa hakbang na ito. Ang pagpipino ang pinakamahusay na paraan kung saan ginagawang perpekto ng Diyos ang mga tao; ang pagpipino at mapapait na pagsubok lamang ang makapagpapalabas ng tunay na pag-ibig para sa Diyos sa mga puso ng mga tao. Kung walang paghihirap, walang tunay na pag-ibig ang mga tao sa Diyos; kung hindi sila susubukin sa loob, kung hindi sila tunay na isasailalim sa pagpipino, ang kanilang mga puso ay palaging lumulutang-lutang sa labas. Sa pagkapino hanggang sa isang partikular na punto, makikita mo ang iyong sariling mga kahinaan at mga paghihirap, makikita mo kung gaano karami ang kulang sa iyo at na hindi mo kayang mapagtagumpayan ang maraming mga suliranin na iyong kinakaharap, at makikita mo kung gaano katindi ang iyong pagkamasuwayin. Sa panahon lamang ng mga pagsubok nagagawa ng mga tao na tunay na makilala ang kanilang totoong mga kalagayan; ginagawa ng mga pagsubok na mas magagawang perpekto ang mga tao .

Hinango mula sa “Sa Pamamagitan Lamang ng Pagdanas ng Pagpipino Maaaring Magtaglay ang Tao ng Tunay na Pag-ibig” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Noong siya ay nabubuhay pa, si Pedro ay dumanas ng pagpipino nang daan-daang beses at sumailalim sa maraming masasakit na pagsubok. Ang pagpipinong ito ang naging saligan ng kanyang kataas-taasang pag-ibig sa Diyos, at ang naging pinakamakabuluhang karanasan sa kanyang

buong buhay. Na nagawa niyang taglayin ang isang kataas-taasang pag-ibig sa Diyos ay, sa isang banda, dahil sa kanyang kapasiyahan na ibigin ang Diyos; higit na mas mahalaga, gayunpaman, ito ay dahil sa pagpipino at pagdurusa na kanyang pinagdaanan. Ang pagdurusang ito ay ang kanyang naging gabay sa landas ng pag-ibig sa Diyos, at ang naging pinaka-di-malilimutang bagay sa kanya. Kung hindi pagdadaanan ng mga tao ang kirot ng pagpipino sa pag-ibig sa Diyos, ang kanilang pag-ibig ay puno ng karumihan at ng kanilang sariling mga kagustuhan; ang pag-ibig na kagaya nito ay puno ng mga ideya ni Satanas, at talagang walang kakayahan sa pagpapalugod sa kalooban ng Diyos. Ang pagkakaroon ng kapasiyahan na ibigin ang Diyos ay hindi kagaya ng tunay na pag-ibig sa Diyos. Bagama't lahat ng kanilang iniisip sa kanilang mga puso ay alang-alang sa pag-ibig at pagpapalugod sa Diyos, at kahit na para bang ang kanilang mga saloobin ay nakalaan lahat sa Diyos at wala ni anumang mga ideya ng tao, kapag ang kanilang mga saloobin ay dinala sa harap ng Diyos, hindi Niya pinupuri o binabasbasan ang gayong mga saloobin. Kahit ganap nang naunawaan ng mga tao ang lahat ng mga katotohanan—kapag nakikilala na nila ang lahat ng mga ito—hindi masasabi na ito ay isang tanda ng pag-ibig sa Diyos, hindi masasabi na tunay na iniibig ng mga taong ito ang Diyos. Sa kabila ng pagkaunawa sa maraming katotohanan nang hindi sumasailalim sa pagpipino, walang kakayahan ang mga tao na isagawa ang mga katotohanang ito; tanging sa panahon ng pagpipino mauunawaan ng mga tao ang tunay na kahulugan ng mga katotohanang ito, sa gayon lamang tunay na mapahahalagahan ng mga tao ang kanilang lihim na kahulugan. Sa panahong iyon, kapag muli nilang sinubukan, maisasagawa nila nang maayos ang mga katotohanan, at alinsunod sa kalooban ng Diyos; sa panahong iyon, ang kanilang mga ideyang pantao ay nababawasan, ang kanilang katiwaliang pantao ay lumiliit, at ang kanilang mga damdaming pantao ay umuunti; sa panahon lamang na iyon magiging isang tunay na pagpapahayag ng pag-ibig sa Diyos ang kanilang pagsasagawa. Ang epekto ng katotohanan ng pag-ibig sa Diyos ay hindi natatamo sa pamamagitan ng binigkas na kaalaman o

kaisipang nagkukusa, at ni hindi ito maaaring matamo sa pamamagitan ng pag-unawa lamang sa katotohanang iyon. Hinihingi nitong magbayad ang mga tao, na sila ay sumailalim sa maraming kapaitan sa panahon ng pagpipino, at sa gayon lamang magiging dalisay ang kanilang pag-ibig at nakaayon sa puso ng Diyos.

Hinango mula sa “Sa Pamamagitan Lamang ng Pagdanas ng Pagpipino Maaaring Magtaglay ang Tao ng Tunay na Pag-ibig” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

31. Ang mga Prinsipyo ng Pagdaan sa Pag-uusig at Matitinding Pagtitiis

(1) Malaman mo na ang karunungan ng Diyos ay nakatayo sa ibabaw ng mga katusuhan ni Satanas, at nangyayari ang pag-uusig at matitinding pagtitiis sa kapahintulutan ng Diyos. Ang silbi ng mga ito ay upang ilantad at gawing perpekto ang tao;

(2) Ang karanasan na mausig at maisailalim sa matitinding pagtitiis ay nagbibigay ng kakayahan sa isang tao na makitang malinaw ang maka-demonyong diwa at kakilakilabot na pagmumukha ng malaking pulang dragon, si Satanas, at sa gayon makilala ang kabanalan at katuwiran ng Diyos;

(3) Sa pamamagitan ng pag-uusig at matinding pagtitiis, nasusulyapan ng isang tao ang kanyang pagkamahiyain, kakulangan, at kahinaan, ang kahihiyang ito ang siyang gumigising sa kanila sa katunayang kung wala ang katotohanan, walang kapupuntahan ang isang tao;

(4) Ang pag-uusig at matitinding pagtitiis ay may pambihirang kakayahan na ilantad at lipulin ang mga tao. Maaari rin nitong gawing perpekto ang mga totohanang nagmamahal sa Diyos sa pagkapoot kay Satanas at pagtatakwil sa malaking pulang dragon, pati na sa pagpupuri sa katuwiran at kabanalan ng Diyos.

Mga Talata ng Biblia para Sanggunian:

At huwag kayong mangatakot sa mga nagsisipatay ng katawan, datapuwa't hindi nangakakapatay sa kaluluwa: kundi bagkus ang katakutan

ninyo'y yaong makapupuksa sa kaluluwa at sa katawan sa impierno. (Mateo 10:28).

Ang nakasusumpong ng kaniyang buhay ay mawawalan nito; at ang mawalan ng buhay dahil sa akin ay makasusumpong niyaon. (Mateo 10:39).

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Marahil ay naaalala ninyong lahat ang mga salitang ito: “Sapagka’t ang aming magaang kapighatian, na sa isang sangdali lamang, ay siyang gumagawa sa amin ng lalo’t lalong bigat ng kaluwalhatiang walang hanggan.” Narinig na ninyong lahat dati ang mga salitang ito, subalit walang sinuman sa inyo ang nakaunawa sa tunay na kahulugan nito. Ngayon, alam na alam ninyo ang tunay na kabuluhan ng mga ito. Ang mga salitang ito ay isasakatuparan ng Diyos sa mga huling araw, at matutupad doon sa mga malupit na pinahirapan ng malaking pulang dragon sa lupain kung saan ito nakahimlay na nakapulupot. Ang malaking pulang dragon ay inuusig ang Diyos at kaaway ng Diyos, kaya nga, sa lupaing ito, yaong mga naniniwala sa Diyos ay isinasailalim sa panghihiya at pang-aapi, at natutupad ang mga salitang ito sa inyo, ang grupong ito ng mga tao, dahil dito. Dahil ito ay sinimulan sa isang lupain na kumokontra sa Diyos, lahat ng gawain ng Diyos ay nahaharap sa malalaking balakid, at matagal isakatuparan ang marami sa Kanyang mga salita; sa gayon, ang mga tao ay pinipino dahil sa mga salita ng Diyos, na bahagi rin ng pagdurusa. Napakahirap para sa Diyos na isakatuparan ang Kanyang gawain sa lupain ng malaking pulang dragon—ngunit sa pamamagitan ng paghihirap na ito ginagawa ng Diyos ang isang yugto ng Kanyang gawain, na nagpapamalas ng Kanyang karunungan at kamangha-manghang mga gawa, at ginagamit ang pagkakataong ito upang gawing ganap ang grupong ito ng mga tao. Sa pamamagitan ng pagdurusa ng mga tao, sa pamamagitan ng kanilang kakayahan, at sa pamamagitan ng lahat ng napakasamang disposisyon ng mga tao ng maruming lupaing ito ginagawa ng Diyos ang Kanyang gawain ng pagdadalisay at paglupig, upang, mula rito, magkamit Siya ng kaluwalhatian, at makamit Niya yaong mga magpapatotoo sa Kanyang

mga gawa. Ganyan ang buong kabuluhan ng lahat ng sakripisyong nagawa ng Diyos para sa grupong ito ng mga tao. Ibig sabihin, ginagawa ng Diyos ang gawain ng panlulupig sa pamamagitan ng mga kumokontra sa Kanya, at sa gayon lamang maipamamalas ang malaking kapangyarihan ng Diyos. Sa madaling salita, yaon lamang mga nasa maruming lupain ang karapat-dapat na magmana ng kaluwalhatian ng Diyos, at ito lamang ang magpapabukod-tangi sa dakilang kapangyarihan ng Diyos. Ito ang dahilan kung bakit sa maruming lupain, at sa mga yaon na naninirahan doon, nakakamit ang kaluwalhatian ng Diyos. Ganyan ang kalooban ng Diyos. Ang yugto ng gawain ni Jesus ay kapareho nito: Maaari lamang Siyang luwalhatiin sa gitna ng mga Fariseo na umusig sa Kanya; kung hindi sa pag-uusig ng mga Fariseo at sa pagkakanulo ni Judas, hindi sana napagtawanan o nasiraang-puri si Jesus, lalong hindi sana Siya ipinako sa krus, at sa gayon ay hindi sana Siya nagkamit ng kaluwalhatian. Kung saan gumagawa ang Diyos sa bawat kapanahunan, at kung saan Siya gumagawa ng Kanyang gawain sa katawang-tao, doon Siya nagkakamit ng kaluwalhatian at doon Niya nakakamit yaong mga nais Niyang makamtan. Ito ang plano ng gawain ng Diyos, at ito ang Kanyang pamamahala.

Hinango mula sa “Simple ba ang Gawain ng Diyos na Tulad ng Inaakala ng Tao?” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kapag pormal Ko nang sinimulan ang gawain Ko, gagalaw ang lahat ng mga tao gaya ng Aking paggalaw, upang maging abala ang mga tao sa buong sansinukob sa mga sarili nila kasabay Ko, mayroong “lubos na pagsasaya” sa buong sansinukob, at nauudyukan Ko pasulong ang tao. Bilang bunga, nilatigo Ko ang malaking pulang dragon mismo sa isang kalagayan ng silakbo ng galit at pagkalito, at pinagsisilbihan nito ang gawain Ko, at, sa kabila ng pagiging atubili, hindi nito magawang sundin ang sarili nitong mga pagnanasa, datapuwa’t naiwang walang pagpipilian kundi magpasakop sa pamamahala Ko. Sa lahat ng mga plano Ko, ang malaking pulang dragon ay siyang Aking hambingan, kaaway Ko, at tagapagsilbi Ko rin; samakatuwid, hindi Ko kailanman niluwagan ang “mga

pangangailangan” Ko rito. Samakatuwid, gagawing ganap ang huling yugto ng gawain ng pagkakatawang-tao Ko sa sambahayan nito. Sa ganitong paraan, mas nagagawang maglingkod nang maayos para sa Akin ng malaking pulang dragon, na sa pamamagitan nito’y lulupigin Ko ito at gagawing ganap ang plano Ko.

Hinango mula sa “Kabanata 29” ng Mga Salita ng Diyos sa Buong Sansinukob sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Hinahangad ng Diyos na gamitin ang isang bahagi ng gawain ng masasamang espiritu upang perpektuhin ang isang bahagi ng sangkatauhan, binibigyang-kakayahan ang mga taong ito na lubusang makita ang mga kasamaan ng demonyo, upang ang buong sangkatauhan ay maaaring tunay na makilala ang kanilang mga ninuno. Tanging sa ganitong paraan ganap na makakalaya ang mga tao, na hindi lamang tinatalikdan ang pamana ng mga diyablo, kundi pati ang mga ninuno ng mga diyablo. Ito ang tunay na hangarin ng Diyos sa ganap na paggapi ng malaking pulang dragon, upang makilala ng buong sangkatauhan ang tunay na anyo ng malaking pulang dragon, upang lubusang mapunit ang maskara nito at makita ang tunay nitong anyo. Ito ang ninanais ng Diyos na makamit, ito ang huling layunin ng lahat ng gawain Niya sa lupa, at ito ang hinahangad Niyang maisakatuparan sa buong sangkatauhan. Ito ay tinatawag na pagpapakilos sa lahat ng bagay para mapagsilbihan ang layunin ng Diyos.

Hinango mula sa “Kabanata 41” ng Mga Pakahulugan sa mga Hiwaga ng mga Salita ng Diyos sa Buong Sansinukob sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang Aking gawain sa grupo ng mga tao ng mga huling araw ay isang proyektong hindi pa kailanman nangyari, at sa gayon, upang mapuno ng Aking kaluwalhatian ang kosmos, lahat ng tao ay kailangang magdusa ng huling paghihirap para sa Akin. Nauunawaan mo ba ang Aking kalooban? Ito ang huling kinakailangan Ko sa tao, na ibig sabihin, umaasa Ako na lahat ng tao ay makapagpatotoo nang malakas at matunog sa Akin sa harap ng malaking pulang dragon, na maialay nila ang kanilang sarili sa

Akin sa huling pagkakataon, at matupad ang Aking mga kinakailangan sa huling pagkakataon. Talaga bang magagawa ninyo ito? Hindi ninyo kinayang palugurin ang Aking puso noong araw—maaari kaya ninyong putulin ang huwarang ito sa huling pagkakataon? Binibigyan Ko ang mga tao ng pagkakataong magbulay-bulay; hinahayaan Ko silang magnilay-nilay na mabuti bago Ako sagutin sa huli—mali bang gawin ito? Hinihintay Ko ang tugon ng tao, hinihintay Ko ang kanyang "liham ng pagtugon"—mayroon ba kayong pananampalatayang tuparin ang Aking mga kinakailangan?

Hinango mula sa "Kabanata 34" ng Mga Salita ng Diyos sa Buong Sansinukob sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kailangan mong taglayin ang Aking katapangan sa iyong kalooban at kailangan mong magkaroon ng mga prinsipyo kapag humaharap ka sa mga kamag-anak na hindi naniniwala. Para sa Aking kapakanan ay hindi ka rin dapat na sumuko sa kahit anong mga pwersa ng kadiliman. Manalig ka sa Aking karunungan upang makalakad sa perpektong daan; huwag hayaang ang mga pakikipagsabwatan ni Satanas na makapangyari. Ibuhos ang lahat ng iyong pagsisikap sa paglalagay ng iyong puso sa Aking harapan, at pagiginhawahin Kita at bibigyan ka ng kapayapaan at kaligayahan. Huwag magsikap na maging isang bagay sa harap ng ibang mga tao; hindi ba't mas mahalaga at matimbang ang bigyan Ako ng kasiyahan? Sa pagbibigay ng kasiyahan sa Akin, hindi ka ba higit na magkakaroon ng walang-hanggan at panghabambuhay na kapayapaan at kaligayahan? Ang kasalukuyang pagdurusa mo ay indikasyon kung gaano kalaki ang iyong magiging mga pagpapala sa hinaharap; hindi kayang isalarawan ang mga ito. Hindi mo nalalaman kung gaano kalaki ang mga pagpapala na iyong makakamtan; hindi mo man lamang ito kayang pangarapin. Ngayon ang mga iyon ay nagkatotoo; talagang totoong-totoo! Hindi ito napakalayo—nakikita mo ba ito? Bawat huling himaymay nito ay nasa loob Ko; kay liwanag ng hinaharap! Pahirin ang iyong mga luha, at huwag nang masaktan o magdalamhati. Ang lahat ng bagay ay isinaayos

ng Aking mga kamay, at ang Aking layunin ay ang gawin kayong mga mananagumpay at dalhin kayo sa kaluwalhatian kasama Ko. Dapat kang maging mapagpasalamat at puno ng papuri para sa lahat ng nangyayari sa iyo; iyan ay magbibigay sa Akin ng malaking kasiyahan.

Ang hindi pangkaraniwang buhay ni Cristo ay nagpakita na, wala kang dapat katakutan. Ang mga Satanas ay nasa ilalim ng ating mga paa, at hindi na magtatagal ang kanilang panahon. Gumising! Iwaksi ang mundo ng kahalayan; palayain ang iyong sarili mula sa bangin ng kamatayan! Maging tapat sa Akin anuman ang mangyari, at sumulong nang may katapangan; Ako ang iyong matibay na sandigan, kaya manalig sa Akin!

Hinango mula sa “Kabanata 10” ng Mga Pagbigkas ni Cristo sa Pasimula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kahit gaano pa “kalakas” si Satanas, kahit gaano pa ito kapangahas at kaambisyoso, kahit gaano pa katindi ang abilidad nito para magdulot ng pinsala, kahit gaano pa kalawak ang mga paraan para gawing tiwali at akitin nito ang tao, kahit gaano pa kagaling ang mga pandaraya at mga pakana niya sa pananakot ng tao, kahit gaano pa pabago-bago ang anyo ng pag-iral nito, hindi pa ito kailanman nakalikha ng kahit isang buhay na nilalang, hindi pa kailanman nakapagtakda ng mga batas at patakaran para sa pag-iral ng lahat ng bagay, at hindi pa kailanman naghari o kumontrol ng anumang bagay, may buhay man o wala. Sa loob ng kosmos at sa kalangitan, wala ni isang tao o bagay ang naisilang mula rito, o umiiral nang dahil dito; wala ni isang tao o bagay ang pinaghaharian nito, o kinokontrol nito. Sa kabaligtaran, hindi lamang nito kailangang sumailalim sa pamamahala ng Diyos, kundi, higit pa rito ay kailangang sumunod sa lahat ng atas at kautusan ng Diyos. Kung walang pahintulot ang Diyos, mahirap para kay Satanas na hipuin kahit na ang isang patak ng tubig o butil ng buhangin sa lupa; kung walang pahintulot ang Diyos, ni hindi malaya si Satanas na galawin man lamang ang mga langgam sa lupa—lalo na ang sangkatauhan, na nilikha ng Diyos. Sa mga mata ng Diyos, mas mababa pa si Satanas sa mga liryo ng kabundukan, sa mga ibon na

lumilipad sa himpapawid, sa mga isda sa karagatan, at sa mga uod sa lupa. Ang papel nito sa lahat ng bagay ay para pagsilbihan ang lahat ng bagay, at gumawa para sa sangkatauhan, at pagsilbihan ang gawain ng Diyos at ang Kanyang plano ng pamamahala. Kahit gaano pa kasama ang hangarin ng kalikasan nito, at gaano man kasama ang diwa nito, ang tanging bagay na magagawa nito ay ang tapat na gawin ang tungkulin nito: ang magsilbi sa Diyos, at ang salungatin ang Diyos. Ito ang diwa at kinatatayuan ni Satanas. Ang diwa nito ay hindi kaugnay sa buhay, hindi kaugnay sa kapangyarihan, hindi kaugnay sa awtoridad; laruan lamang ito sa mga kamay ng Diyos, isa lang makina na nagsisilbi sa Diyos!

Hinango mula sa “Ang Diyos Mismo, ang Natatangi I” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa ngayon, ang mga pangitain at katotohanang iyon na nauunawaan mo ay nagtatatag ng pundasyon para sa iyong mga karanasan sa hinaharap; sa matinding paghihirap sa hinaharap magkakaroon kayong lahat ng praktikal na karanasan sa mga salitang ito. Kalaunan, kapag sumapit sa iyo ang mga pagsubok at sumailalim ka sa paghihirap, iisipin mo ang mga salitang sinasabi mo ngayon, na: “Anumang paghihirap, mga pagsubok, o matitinding kalamidad ang aking maranasan, kailangan kong palugurin ang Diyos.” Isipin ang mga karanasan ni Pedro at pagkatapos ay ang mga karanasan ni Job—patitibayin ka ng mga salita ngayon. Sa ganitong paraan lamang mabibigyang-inspirasyon ang iyong pananampalataya. Sa panahong iyon, sinabi ni Pedro na hindi siya karapat-dapat na tumanggap ng paghatol at pagkastigo ng Diyos, at pagdating ng panahon magiging handa ka ring ipakita sa mga tao ang matuwid na disposisyon ng Diyos sa pamamagitan mo. Agad mong tatanggapin ang Kanyang paghatol at pagkastigo, at magiging aliw sa iyo ang Kanyang paghatol, pagkastigo, at sumpa. Ngayon, hindi talaga katanggap-tanggap para sa iyo na hindi masangkapan ng katotohanan. Kung wala ito, hindi mo lamang hindi magagawang manindigan sa hinaharap, kundi baka hindi mo kayang danasin ang kasalukuyang gawain.

Kung magkagayon, hindi ka ba magiging isa sa mga yaon na pinalayas at pinarusahan? Sa ngayon, wala pang anumang mga katunayang dumating sa iyo, at natustusan na kita sa alinmang mga aspetong wala sa iyo; nagsasalita Ako mula sa bawat aspeto. Hindi pa talaga kayo nakapagtiis ng maraming pagdurusa; tinatanggap lamang ninyo kung ano ang nariyan nang walang isinasakripisyo, at, higit pa riyan, wala kayong taglay na sarili ninyong tunay na mga karanasan at kabatiran. Kaya, ang inyong nauunawaan ay hindi ang inyong tunay na tayog. Nakalimita kayong makaunawa, makaalam, at makakita, ngunit wala pa kayong gaanong natutuhan. Kung hindi Ko kayo pinag-ukulan ng pansin kailanman kundi pinadaan Ko kayo sa mga karanasan sa inyong sariling tahanan, matagal na sana kayong tumakas pabalik sa malaki at malawak na mundo. Ang landas na inyong tatahakin sa hinaharap ay magiging isang daan ng pagdurusa, at kung matagumpay ninyong tatahakin ang kasalukuyang bahaging ito ng landas, magkakaroon kayo ng patotoo kapag sumailalim kayo sa mas matinding paghihirap sa hinaharap. Kung nauunawaan mo ang kabuluhan ng buhay ng tao at natahak ang tamang landas ng buhay ng tao, at kung sa hinaharap ay magpapasakop ka sa Kanyang mga plano nang walang anumang mga reklamo o pagpipilian paano ka man pinakikitunguhan ng Diyos, at kung hindi ka hihiling ng anuman sa Diyos, sa ganitong paraan ay magiging isa kang taong may halaga. Sa ngayon, hindi ka pa sumailalim sa matinding paghihirap, kaya masusunod mo ang anuman nang walang pagkakaiba. Sinasabi mo na paano man nag-aakay ang Diyos, mainam ang paraang iyon, at na nagpapasakop ka sa lahat ng Kanyang mga pagsasaayos! Kinakastigo ka man o isinusumpa ng Diyos, magiging handa kang palugurin Siya. Matapos sabihin iyon, ang sinasabi mo ngayon ay hindi kinakailangang kumatawan sa iyong tayog. Kung ano ang handa kang gawin ngayon ay hindi maipapakita na kaya mong sumunod hanggang wakas. Kapag sumapit sa iyo ang matitinding paghihirap o kapag sumasailalim ka sa ilang pag-uusig o pamimilit o maging sa mas matitinding pagsubok, hindi mo magagawang sabihin ang mga salitang iyon. Kung kaya mong taglayin ang gayong uri ng pag-unawa

noon at naninindigan ka, ito ang iyong magiging tayog. Ano si Pedro noong panahong iyon? Sabi ni Pedro: “Panginoon, isasakripisyo ko ang aking buhay para sa Iyo. Kung loloobin Mong mamatay ako, mamamatay ako!” Iyon ang paraan ng pagdarasal niya noong panahong iyon. Sinabi rin niya: “Kahit hindi Ka mahal ng iba, kailangan kong mahalin Ka hanggang wakas. Susunod ako sa Iyo sa lahat ng oras.” Iyon ang sinabi niya noon, ngunit nang dumating ang mga pagsubok sa kanya, nabagabag siya at nanangis. Alam ninyong lahat na tatlong beses na ikinaila ni Pedro ang Panginoon, hindi ba? Maraming taong iiyak at magpapakita ng kahinaan ng tao kapag dumarating sa kanila ang mga pagsubok. Hindi ka panginoon ng iyong sarili. Dito, hindi mo mapipigilan ang iyong sarili. Ngayon siguro ay talagang gumagawa ka nang mahusay, ngunit iyon ay dahil angkop ang iyong sitwasyon. Kung magbago iyon bukas, ipapakita mo ang iyong karuwagan at kawalan ng kakayahan, at kung minsan ay maaari mo pang isantabi ang iyong tungkulin at lumayo. Ipinapakita nito na ang naunawaan mo sa panahong iyon ay hindi ang iyong totoong tayog. Kailangang tingnan ng isang tao ang totoong tayog ng isang tao upang makita kung talagang mahal nila ang Diyos, kung nagagawa nila talagang magpasakop sa plano ng Diyos, at kung nagagawa nilang ibigay ang buong lakas nila sa pagsasagawa ng kinakailangan ng Diyos; at kung nananatili silang tapat sa Diyos at ibinibigay nila sa Diyos ang pinakamabuti sa lahat ng bagay, kahit mangahulugan pa ito ng pagsasakripisyo ng kanilang sariling buhay.

Hinango mula sa “Paano Mo Dapat Tahakin ang Huling Bahagi ng Landas” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang tao ay lubusang gagawing ganap sa Kapanahunan ng Kaharian. Pagkatapos ng gawain ng panlulupig, ang tao ay isasailalim sa pagpipino at kapighatian. Yaong mga makakapagtagumpay at makakatayong saksi sa panahon nitong kapighatian ay yaong mga gagawing ganap sa kahuli-hulihan; sila ang mga mananagumpay. Sa panahon nitong kapighatian, kinakailangan sa tao na tanggapin ang pagpipinong ito, at ang pagpipinong ito ang huling pagkakataon sa gawain ng Diyos. Ito ang huling panahon na

pipinuhin ang tao bago ang pagtatapos ng lahat ng gawain ng pamamahala ng Diyos, at ang lahat ng sumusunod sa Diyos ay kailangang tanggapin itong huling pagsubok, kailangan nilang tanggapin itong huling pagpipino. Yaong mga lugmok sa kapighatian ay walang gawain ng Banal na Espiritu at paggabay ng Diyos, ngunit yaong mga tunay na nalupig na at tunay na naghahangad sa Diyos ay makakatayong matatag sa kahuli-hulihan; sila yaong mga may angking pagkatao, at siyang mga tunay na nagmamahal sa Diyos. Kahit na ano ang ginagawa ng Diyos, ang mga matagumpay na ito ay hindi mawawalan ng mga pangitain at patuloy pa ring magsasagawa ng katotohanan nang hindi nabibigo sa kanilang patotoo. Sila yaong mga makalalampas sa matinding kapighatian sa wakas. Bagaman yaong mga naglalagay ng kanilang mga sarili sa mapanganib na sitwasyon para mabuhay ay maaari pa ring magpatuloy ngayon, walang makatatakas sa pangwakas na kapighatian, at walang makatatakas mula sa pangwakas na pagsubok. Para sa mga nagtatagumpay, ang ganoong kapighatian ay isang matinding pagpipino; ngunit para sa mga nangingisda sa maligalig na tubig, ito ang gawain ng ganap na pag-aalis. Kahit paano man sila sinusubukan, ang katapatan ng mga taong nasa puso nila ang Diyos ay nananatiling hindi nagbabago; ngunit para sa mga taong walang Diyos sa kanilang puso, sa sandaling ang gawain ng Diyos ay hindi kapaki-pakinabang sa kanilang laman, binabago nila ang kanilang pananaw tungkol sa Diyos, at nililisan pa ang Diyos. Ganoon ang mga hindi maninindigan sa katapusan, na naghahanap lamang ng mga pagpapala ng Diyos at walang pagnanais na gumugol ng kanilang mga sarili para sa Diyos at ialay ang kanilang mga sarili sa Kanya. Ang uring ito ng mga hamak na tao ay patatalsikin lahat kapag natapos na ang gawain ng Diyos, at hindi sila karapat-dapat sa kahit na anong awa. Yaong mga walang pagkatao ay walang kakayahang mahalin ang Diyos nang tunay. Kapag ang paligid ay tiwasay at ligtas, o may pakinabang na matatamo, sila ay lubusang masunurin sa Diyos, ngunit sa sandaling ang kanilang ninanais ay nalagay sa alanganin o hindi nila nakuha, ay agad silang naghihimagsik. Kahit na pagkatapos lamang ng isang gabi, maaari silang magbago mula

sa isang nakangiti at “mabait” na tao tungo sa isang pangit at mabangis na mamamatay-tao, biglang itinuturing na mortal na kaaway ang kanilang tagapagpala kahapon nang walang pagkatugma o kadahilanan. Kung ang mga demonyong ito ay hindi napalayas, ang mga demonyong ito na papatay nang walang kurap, hindi ba sila magiging isang tagong panganib? Ang gawain ng pagliligtas sa tao ay hindi nakakamit pagkatapos ng kaganapan ng gawaing panlulupig. Kahit natapos na ang gawain ng panlulupig, ang gawain ng pagdadalisay sa tao ay hindi pa natapos; ang gayong gawain ay matatapos lamang sa sandaling ang tao ay lubusang nagawa nang dalisay, sa sandaling yaong mga tunay na nagpapasakop sa Diyos ay nagawa nang ganap, at sa sandaling yaong mga mapagpanggap na walang Diyos sa kanilang mga puso ay naalis na. Yaong mga hindi nakalulugod sa Diyos sa huling yugto ng Kanyang gawain ay lubusang aalisin, at yaong mga naaalis ay pag-aari ng diyablo. Dahil hindi nila kayang paluguran ang Diyos, sila ay suwail sa Diyos, at kahit na sumusunod ang mga taong ito sa Diyos ngayon, ito ay hindi nagpapatunay na sila ang mga mananatili sa wakas. Sa mga salitang “yaong mga sumunod sa Diyos hanggang sa katapusan ay tatanggap ng kaligtasan,” ang kahulugan ng “sumunod” ay tumayo nang matatag sa kabila ng kapighatian. Ngayon, marami ang naniniwala na madali ang sumunod sa Diyos, ngunit kapag ang gawain ng Diyos ay malapit nang matapos, malalaman mo ang tunay na kahulugan ng “sumunod.” Hindi dahil kaya mo pang sumunod sa Diyos ngayon matapos lupigin, ito ay hindi nagpapatunay na isa ka sa mga gagawing perpekto. Yaong mga hindi kinakayang pagtiisan ang mga pagsubok, silang mga hindi kayang maging matagumpay sa gitna ng kapighatian ay hindi makakayang tumayo nang matatag sa kahuli-hulihan, kaya’t hindi makakayang sumunod sa Diyos hanggang sa katapus-katapusan. Ang mga tunay na sumusunod sa Diyos ay kayang matagalan ang pagsubok ng kanilang gawain, samantalang yaong mga hindi talaga sumusunod sa Diyos ay hindi kayang matagalan ang anumang mga pagsubok ng Diyos. Hindi magtatagal, sila ay mapatatalsik, habang ang mga mananagumpay ay mananatili sa kaharian.

Kung ang tao ay tunay na naghahanap sa Diyos o hindi ay nalalaman sa pamamagitan ng pagsubok sa kanyang gawain, iyon ay, sa pamamagitan ng mga pagsubok ng Diyos, at walang kaugnayan sa pagpapasya ng tao mismo. Hindi tinatanggihan ng Diyos ang sinumang tao kung kailan Niya gusto; lahat ng ginagawa Niya ay lubusang makakahikayat sa tao. Hindi Siya gumagawa ng anumang bagay na hindi nakikita ng tao, o anumang gawain na hindi makahihikayat sa tao. Kung ang paniniwala ng tao ay tunay o hindi, ay napapatotohanan ng mga katunayan at hindi mapagpapasyahan ng tao. Walang duda na ang "trigo ay hindi magagawang mapanirang damo, at ang mapanirang damo ay hindi magagawang trigo." Ang lahat ng tunay na nagmamahal sa Diyos ay mananatili sa kaharian sa kahuli-hulihan, at hindi pagmamalabisan ng Diyos ang sinumang tunay na nagmamahal sa Kanya. Batay sa iba't iba nilang mga tungkulin at mga patotoo, ang mga mananagumpay sa kaharian ay magsisilbing mga saserdote o tagasunod, at lahat ng matagumpay sa gitna ng kapighatian ay magiging kalipunan ng saserdote sa loob ng kaharian. Ang mga kalipunan ng saserdote ay mabubuo kapag ang gawain ng ebanghelyo sa buong sansinukob ay natapos na. Kapag dumating ang panahong iyon, ang kailangang gawin ng tao ay ang pagganap sa kanyang tungkulin sa kaharian ng Diyos, at ang paninirahan niyang kasama ang Diyos sa loob ng kaharian. Sa kalipunan ng mga saserdote mayroong magiging mga punong saserdote at mga saserdote, at ang natitira ay magiging mga anak at bayan ng Diyos. Ito ay malalaman lahat sa pamamagitan ng kanilang mga patotoo sa Diyos sa panahon ng kapighatian; hindi lamang ito mga titulo na ibinibigay lamang batay sa kagustuhan. Sa sandaling ang katayuan ng tao ay naitatag na, ang gawain ng Diyos ay matatapos, dahil ang lahat ay pinagsasama-sama ayon sa uri at ibinabalik sa kanilang orihinal na kalagayan, at ito ang tanda ng katuparan ng gawain ng Diyos, ito ang pangwakas na kinalabasan ng gawain ng Diyos at ng pagsasagawa ng tao, at ito ang pagkakabuo-buo ng mga pangitain ng gawain ng Diyos at ng pakikipagtulungan ng tao. Sa katapusan, ang tao ay makakasumpong ng kapahingahan sa kaharian ng

Diyos, at ang Diyos, rin, ay babalik sa Kanyang tahanan upang mamahinga. Ito ang magiging pangwakas na kinalabasan ng 6,000 taong pakikipagtulungan sa pagitan ng Diyos at ng tao.

Hinango mula sa “Ang Gawain ng Diyos at ang Pagsasagawa ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

32. Ang mga Prinsipyo ng Pagtatagumpay Laban sa mga Tukso ni Satanas

(1) Kapag tinutukso ni Satanas, dapat dagliang manalangin sa Diyos ang isang tao at hanapin ang katotohanan. Huwag tumugon o magdesisyon nang pabigla-bigla, kung ayaw mong mahulog ka sa tukso;

(2) Dapat panayang magbasa ang isang tao ng marami sa mga salita ng Diyos, at unawain at dalubhasain ang mga kaparaanan at prinsipyo kung saan napagtatagumpayan ang mga tukso ni Satanas. Ang gawin ito ay isang napakalaking pakinabang sa pagdaig sa mga tukso ni Satanas;

(3) Kinakailangang makitang malinaw na ang nagiging batayan ng digmaan sa espirituwal na mundo ay ang pakikipagpustahan ni Satanas sa Diyos sa pag-aakusa laban sa mga hinirang ng Diyos. Sa pagiging saksi lamang nakukuha ng isang tao ang pagsang-ayon ng Diyos;

(4) Kinakailangang magkaroon ng matibay na pananampalataya na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan at na ang mga maka-diyablong salita ni Satanas ay mananatiling mga kamalian magpakailanman. Saka lamang makagaganti ang isang tao kay Satanas sa pamamagitan ng katotohanan at maipapahiya ito.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Sa bawat hakbang ng gawaing ginagawa ng Diyos sa gitna ng mga tao, sa panlabas ay mukha itong pag-uugnayan sa pagitan ng mga tao, na para bang mula sa pagsasaayos ng tao, o mula sa panghihimasok ng tao. Ngunit sa likod ng mga eksena, ang bawat hakbang ng gawain, at lahat ng nangyayari, ay isang pustahan na ginawa ni Satanas sa harap ng Diyos, at nangangailangan sa mga tao na manindigan sa kanilang patotoo sa Diyos.

Gaya nang si Job ay sinubukan, halimbawa: Sa likod ng mga eksena, nakikipagpustahan si Satanas sa Diyos, at ang nangyari kay Job ay mga gawa ng tao, at panghihimasok ng mga tao. Sa likod ng bawat hakbang ng gawaing ginagawa ng Diyos sa inyo ay ang pakikipagpustahan ni Satanas sa Diyos—sa likod ng lahat ng ito ay isang labanan. … Kapag naglalaban sa espirituwal na dako ang Diyos at si Satanas, paano mo dapat bigyang-kasiyahan ang Diyos, at paano ka dapat manindigan sa iyong patotoo sa Kanya? Dapat mong malaman na ang lahat ng nangyayari sa iyo ay isang malaking pagsubok at ang oras na kailangan ka ng Diyos na magpatotoo. Bagama't maaaring hindi mukhang mahalaga ang mga ito sa panlabas, kapag nangyayari ang mga bagay na ito, ipinakikita ng mga ito kung mahal mo ba o hindi ang Diyos. Kung mahal mo, makakapanindigan ka sa iyong patotoo sa Kanya, at kung hindi mo naisagawa ang pag-ibig sa Kanya, ipinapakita nito na ikaw ay hindi isang taong nagsasagawa ng katotohanan, na ikaw ay walang katotohanan, at walang buhay, na ikaw ay ipa! Ang lahat ng bagay na nangyayari sa mga tao ay nangyayari kapag kailangan sila ng Diyos na manindigan sa kanilang pagpapatotoo sa Kanya. Bagama't walang malaking nangyayari sa iyo sa sandaling ito at hindi ka lubos na nagpapatotoo, ang bawat detalye ng iyong pang-araw-araw na buhay ay isang patotoo sa Diyos. Kung makakamit mo ang paghanga ng iyong mga kapatid, mga miyembro ng iyong pamilya, at lahat ng tao sa iyong paligid; kung, isang araw, dumating ang mga hindi mananampalataya, at humanga sa lahat ng iyong ginagawa, at makitang ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay kahanga-hanga, nakapagpatotoo ka na. Kahit wala kang kabatiran at mababa ang iyong kakayahan, sa pamamagitan ng pagperpekto sa iyo ng Diyos, nagagawa mong bigyan Siya ng kasiyahan at isaisip ang Kanyang kalooban, na ipinapakita sa iba ang dakilang gawaing nagawa Niya sa mga tao na may pinakamababang kakayahan. Kapag nakikilala ng mga tao ang Diyos at nagiging mga mananagumpay sila sa harap ni Satanas, na lubhang matapat sa Diyos, wala nang iba pang mas may lakas kaysa sa grupong ito ng mga tao, at ito ang pinakadakilang patotoo. Bagama't hindi mo kayang gumawa ng

dakilang gawain, kaya mong bigyang-kasiyahan ang Diyos. Hindi maisantabi ng iba ang kanilang mga kuro-kuro, ngunit kaya mo; hindi kaya ng iba na magpatotoo sa Diyos sa panahon ng kanilang aktwal na mga karanasan, ngunit nagagamit mo ang iyong aktwal na katayuan at mga pagkilos upang suklian ang pagmamahal ng Diyos at magbigay ng maugong na patotoo sa Kanya. Ito lamang ang mabibilang na aktwal na pagmamahal sa Diyos. Kung hindi mo ito kayang gawin, hindi ka nagpapatotoo sa mga miyembro ng iyong pamilya, sa iyong mga kapatid, o sa harap ng mga tao sa mundo. Kung hindi mo kayang magpatotoo sa harap ni Satanas, tatawanan ka ni Satanas, ituturing ka nito bilang isang katatawanan, bilang isang laruan, madalas ka nitong lilinlangin, at gagawin kang baliw. Sa hinaharap, maaaring dumating sa iyo ang malalaking pagsubok—pero ngayon, kung mahal mo ang Diyos nang may tapat na puso, at gaano man kalaki ang mga pagsubok na darating, anuman ang mangyari sa iyo, nagagawa mong panindigan ang iyong pagpapatotoo, at nagagawa mong bigyang-kasiyahan ang Diyos, pagiginhawahin ang iyong puso, at hindi ka matatakot gaano man kalaki ang mga pagsubok na iyong makakatagpo sa hinaharap. Hindi ninyo makikita kung ano ang mangyayari sa hinaharap; maaari lamang ninyong bigyang-kasiyahan ang Diyos sa mga kalagayan sa ngayon. Wala kayong kakayahang gumawa ng anumang dakilang gawain at dapat kayong tumuon sa pagbibigay-kasiyahan sa Diyos sa pamamagitan ng pagdanas ng Kanyang mga salita sa tunay na buhay, at magpahayag ng matibay at maugong na pagpapatotoo na nagdadala ng kahihiyan kay Satanas. Bagama't mananatili ang iyong laman na hindi ganap na nasisiyahan at nagdusa, naghatid ka ng kasiyahan sa Diyos at nagdala ng kahihiyan kay Satanas. Kung lagi kang nagsasagawa sa ganitong paraan, magbubukas ang Diyos ng isang landas sa harap mo. Kapag, isang araw, dumating ang isang malaking pagsubok, babagsak ang iba, ngunit makatatayo ka nang matatag: Dahil sa halaga na iyong binayaran, iingatan ka ng Diyos upang matatag kang makatayo at hindi bumagsak. Kung sa karaniwan ay naisasagawa mo ang katotohanan at nabibigyang-kasiyahan ang Diyos

nang may pusong tunay na nagmamahal sa Kanya, tiyak na iingatan ka ng Diyos sa mga pagsubok sa hinaharap. Bagama't hangal ka at mababa ang katayuan at mahina ang kakayahan, hindi kikiling ang Diyos laban sa iyo. Batay ito sa kung ang iyong mga layunin ay tama. Ngayon, nabibigyang-kasiyahan mo ang Diyos, kung saan maasikaso ka sa pinakamaliliit na detalye, pinalulugod mo ang Diyos sa lahat ng bagay, mayroon kang pusong tunay na nagmamahal sa Diyos, ibinibigay mo ang tunay mong puso sa Diyos, at bagama't may ilang bagay na hindi mo maunawaan, kaya mong humarap sa Diyos upang maitama ang iyong mga intensyon, at hanapin ang kalooban ng Diyos, at ginagawa mo ang lahat na kailangan upang bigyang-kasiyahan ang Diyos. Marahil ay iiwan ka ng lahat ng iyong kapatid, ngunit palulugurin ng puso mo ang Diyos, at hindi mo pagnanasaan ang mga kasiyahan ng laman. Kung lagi kang nagsasagawa sa ganitong paraan, iingatan ka pagdating sa iyo ng malalaking pagsubok.

Hinango mula sa "Ang Pagmamahal Lamang sa Diyos ang Tunay na Pananampalataya sa Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay kinakailangan, at may pambihirang kabuluhan, dahil ang lahat ng ginagawa Niya sa tao ay may kinalaman sa Kanyang pamamahala at pagliligtas sa sangkatauhan. Natural lamang na ang gawaing ginawa ng Diyos kay Job ay hindi naiiba, kahit na si Job ay perpekto at matuwid sa paningin ng Diyos. Sa madaling salita, kahit ano pa ang ginagawa ng Diyos o ang paraan na ginagamit Niya para gawin ito, kahit ano pa ang halaga, o ang Kanyang nilalayon, ang layunin ng Kanyang mga kilos ay hindi nagbabago. Ang Kanyang layunin ay upang ipasok sa tao ang mga salita ng Diyos, mga kinakailangan ng Diyos, at ang kalooban ng Diyos para sa tao, Sa madaling salita, ito ay upang ipasok sa tao ang lahat ng pinaniniwalaan ng Diyos na positibo alinsunod sa Kanyang mga hakbang, na nagbibigay sa tao ng pagkaunawa sa puso ng Diyos at pagkaintindi sa diwa ng Diyos, at nagpapahintulot sa kanya na sundin ang dakilang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos, at nang sa gayon ay magkaroon ng daan upang matamo ng tao ang pagkakaroon

ng takot sa Diyos at paglayo sa kasamaan—ang lahat ng ito ay isang aspeto ng layunin ng Diyos sa lahat ng Kanyang ginagawa. Ang isa pang aspeto ay, dahil si Satanas ang hambingan at nagsisilbing gamit-pangserbisyo sa gawain ng Diyos, ang tao ay madalas na ibinibigay kay Satanas; paraan ito na ginagamit ng Diyos upang makita ng mga tao ang kasamaan, kapangitan, at pagiging kasuklam-suklam ni Satanas sa gitna ng mga pagtukso at pag-atake nito, na nagiging dahilan upang kamuhian ng mga tao si Satanas at magawang malaman at makilala ang mga bagay na negatibo. Ang prosesong ito ay nagbibigay-daan sa kanila upang unti-unti nilang mapalaya ang kanilang mga sarili mula sa pamamahala ni Satanas, at mula sa mga paratang, pakikialam, at pag-atake nito—hanggang, salamat sa mga salita ng Diyos, ang kanilang kaalaman at pagsunod sa Diyos, at ang kanilang pananampalataya sa Diyos at takot sa Kanya, ay magdala sa kanila ng tagumpay laban sa mga pag-atake at paratang ni Satanas; doon lamang sila ganap na maiaadya mula sa nasasakupan ni Satanas. Ang paglaya ng mga tao ay nangangahulugan na si Satanas ay natalo, ito ay nangangahulugan na hindi na sila pagkain sa bibig ni Satanas—na sa halip na lunukin sila, pinakawalan sila ni Satanas. Ito ay sa kadahilanang ang mga taong ito ay matuwid, may pananampalataya, masunurin, at may takot sa Diyos, at dahil tuluyan silang kumakawala kay Satanas. Nagdadala sila ng kahihiyan kay Satanas, ginagawa nilang duwag si Satanas, at tuluyan nilang tinatalo si Satanas. Ang kanilang matibay na paniniwala sa pagsunod sa Diyos, at ang pagsunod at takot nila sa Diyos ang tumatalo kay Satanas, at nagiging dahilan kung bakit ganap silang isinusuko ni Satanas. Ang mga taong tulad nito lamang ang tunay na nakamtan ng Diyos, at ito ang tunay na layunin ng Diyos sa pagligtas sa tao. Kung nais nilang mailigtas, at nais nilang ganap na makamit ng Diyos, ang lahat ng sumusunod sa Diyos ay dapat humarap sa mga maliliit at malalaking tukso at pag-atake na galing kay Satanas. Ang mga taong mangingibabaw sa mga tukso at pag-atake na ito at nagagawang ganap na talunin si Satanas ay ang mga nailigtas ng Diyos. Ibig sabihin, ang mga tao na nailigtas ng Diyos ay iyong mga sumailalim sa

mga pagsubok ng Diyos, at ang mga tinukso at inatake ni Satanas nang hindi mabilang na pagkakataon. Nauunawaan ng mga taong nailigtas ng Diyos ang kalooban at mga hinihingi ng Diyos, at nagagawa nilang sumunod sa dakilang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos, at hindi nila itinatakwil ang daan ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at paglayo sa kasamaan sa gitna ng mga panunukso ni Satanas. Ang mga taong nailigtas ng Diyos ay nagtataglay ng katapatan, sila ay may mabubuting puso, napaghihiwalay nila ang pag-ibig at poot, may pagkakaunawa sila sa katarungan at sila ay makatuwiran, at nagagawa nilang pangalagaan ang Diyos at pahalagahan ang lahat ng sa Diyos. Ang ganitong mga tao ay hindi naigagapos, namamanmanan, napararatangan, o naaabuso ni Satanas. Sila ay ganap na malaya, sila ay ganap na napalaya at napakawalan na. Si Job ay isang tao ng kalayaan, at ito ang tiyak na kahulugan kung bakit ipinasa siya ng Diyos kay Satanas.

Hinango mula sa “Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo II” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa panahon ng gawain ng Kanyang walang hanggang pagtutustos at suporta sa tao, sinasabi ng Diyos ang kabuuan ng Kanyang kalooban at mga hinihingi sa tao, at ipinakikita Niya ang Kanyang mga gawa, disposisyon, at kung anong mayroon Siya at kung ano Siya sa tao. Ang layunin ay upang maihanda ang tao sa pamamagitan ng tayog, at pahintulutan ang tao na makamit ang iba’t ibang katotohanan mula sa Diyos habang sumusunod sa Kanya—mga katotohanan na siyang mga sandatang ibinibigay ng Diyos sa tao upang labanan si Satanas. Kapag nabigyan na ng sandata, dapat harapin ng tao ang mga pagsubok ng Diyos. Ang Diyos ay maraming paraan at sistema para sa pagsubok ng tao ngunit bawat isa sa mga ito ay nangangailangan ng “kooperasyon” ng kaaway ng Diyos: Si Satanas. Ibig sabihin, matapos bigyan ang tao ng mga sandata upang labanan si Satanas, ibinibigay ng Diyos ang tao kay Satanas at hinahayaan si Satanas na “subukin” ang tayog ng tao. Kung makakalabas ang tao mula sa mga hanay ng pakikipaglaban ni Satanas,

kung kaya niyang tumakas mula sa teritoryo ni Satanas at manatiling buhay, ang tao ay makakapasa sa pagsubok. Ngunit kung ang tao ay mabigong umalis sa mga hanay ng pakikipaglaban ni Satanas, at nagpasakop kay Satanas, hindi siya makakapasa sa pagsubok. Anumang aspeto ng tao ang sinusuri ng Diyos, ang mga pamantayan ng Kanyang pagsusuri ay kung magpapakatatag o hindi ang tao sa kanyang patotoo kapag inatake siya ni Satanas, at kung itatakwil niya o hindi ang Diyos at susuko at magpapasakop kay Satanas habang nasa bitag ni Satanas. Maaaring sabihin na ang pagkaligtas o hindi sa tao ay nakasalalay sa kung kaya niyang mapagtagumpayan at talunin si Satanas, at ang kakayanan niya na makamtan ang kanyang kalayaan ay nakasalalay sa kanyang kakayahang buhatin, nang mag-isa, ang mga sandatang ibinigay sa kanya ng Diyos upang mapagtagumpayan ang pagkakabihag ni Satanas, upang ganap na mawalan ng pag-asa si Satanas at iwan siyang mag-isa. Kung mawawalan ng pag-asa si Satanas at magpapalaya ng isang tao, ang ibig sabihin nito ay hinding-hindi na nito muling susubukan na kunin ang taong ito mula sa Diyos, hinding-hindi na muling pararatangan at gagambalain ang taong ito, hinding-hindi na sila muling pahihirapan nang walang-pakundangan o aatakihin; tanging ang ganitong tao lamang ang tunay na nakamit ng Diyos. Ito ang buong proseso kung paano nakakamit ng Diyos ang tao.

Hinango mula sa “Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo II” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa lupa, lahat ng uri ng masasamang espiritu ay walang-tigil sa paggala sa paghahanap ng mapagpapahingahan, at walang-hinto sa paghahanap ng mga bangkay ng mga tao na maaaring lamunin. Aking mga tao! Kailangan kayong manatili sa loob ng Aking pagmamahal at proteksyon. Huwag magpakasama kailanman! Huwag kumilos nang walang-ingat kailanman! Dapat mong ialay ang iyong katapatan sa Aking tahanan, at sa katapatan mo lamang malalabanan ang panlilinlang ng diyablo. Anuman ang mangyari, hindi ka dapat kumilos na tulad noong

araw, na gumagawa ng isang bagay sa Aking harapan at ng iba naman sa Aking likuran; kung kikilos ka sa ganitong paraan, hindi ka na puwedeng matubos. Hindi ba higit pa sa sapat ang nabigkas Kong mga salita na tulad ng mga ito? Ito ay dahil mismo sa hindi maitama ang dating likas na pagkatao ng sangkatauhan kaya kinailangan Kong paulit-ulit na paalalahanan ang mga tao. Huwag mainip! Lahat ng sinasabi Ko ay alang-alang sa pagtiyak ng inyong tadhana! Isang mabaho at maruming lugar ang kailangan mismo ni Satanas; kapag mas hindi na kayo matutubos pa at mas nagpakasama kayo, at ayaw ninyong magpasaway, mas magkakaroon ng pagkakataon ang maruruming espiritung iyon na pasukin kayo. Kung nakarating na kayo sa puntong ito, ang inyong katapatan ay magiging walang-kabuluhang satsat lamang, walang anumang realidad, at lalamunin ng maruruming espiritu ang inyong matibay na pagpapasiya at papalitan ito ng pagsuway at mga pakana ni Satanas na gagamitin upang gambalain ang Aking gawain. Mula roon, maaari Ko kayong hampasin anumang oras. Walang sinumang nakakaunawa sa bigat ng sitwasyong ito; talagang nagbibingi-bingihan lamang ang mga tao sa naririnig nila, at hindi man lamang sila nag-iingat. Hindi Ko naaalala ang ginawa noong araw; talaga bang naghihintay ka pa ring maging maluwag Ako sa iyo sa pamamagitan ng minsan pang “paglimot”? Bagama’t tinutulan na Ako ng mga tao, hindi Ko sila sisisihin, sapagkat napakaliit ng kanilang tayog, kaya nga hindi Ako gumagawa ng napakatataas na kahilingan sa kanila. Ang tanging hinihiling Ko ay huwag silang magpakasama, at na magpasakop sila sa pagsaway. Siguradong hindi ito lampas sa inyong kakayahang tumugon sa isang kundisyong ito, hindi ba?

Hinango mula sa “Kabanata 10” ng Mga Salita ng Diyos sa Buong Sansinukob sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang maraming karanasan mo sa kabiguan, kahinaan, mga panahon ng iyong pagiging negatibo, ay masasabi na pawang mga pagsubok ng Diyos. Ito ay dahil ang lahat ay nagmumula sa Diyos, at lahat ng bagay at pangyayari ay nasa Kanyang mga kamay. Mabigo ka man o manghina at

magkamali, nakasalalay ang lahat sa Diyos at abot-kamay Niya. Mula sa pananaw ng Diyos, isang pagsubok ito sa iyo, at kung hindi mo mapapansin iyon, magiging tukso iyon. May dalawang klase ng kalagayang dapat mapansin ng mga tao: Ang isa ay nagmumula sa Banal na Espiritu, at ang malamang na pinagmumulan ng isa pa ay si Satanas. Ang isa ay isang kalagayan kung saan tinatanglawan ka ng Banal na Espiritu at tinutulutan kang makilala ang iyong sarili, mamuhi at magsisi tungkol sa iyong sarili at magkaroon ng tunay na pagmamahal para sa Diyos, na italaga ang iyong puso sa pagpapalugod sa Kanya. Ang isa pa ay isang kalagayan kung saan kilala mo ang iyong sarili, ngunit negatibo ka at mahina. Maaaring sabihin na ang kalagayang ito ay ang pagpipino ng Diyos, at na panunukso rin ito ni Satanas. Kung napapansin mo na ito ang pagliligtas sa iyo ng Diyos at kung nadarama mo na malaki na ang iyong pagkakautang sa Kanya, at kung magmula ngayon ay susubukan mong suklian Siya at hindi ka na mahulog sa gayong kasamaan, kung ibubuhos mo ang iyong pagsisikap sa pagkain at pag-inom ng Kanyang mga salita, at kung palagi mong ituturing ang iyong sarili na may kakulangan, at may isang pusong nananabik, pagsubok nga ito ng Diyos. Kapag nagwakas na ang pagdurusa at sumusulong ka nang muli, aakayin, tatanglawan, liliwanagan, at pangangalagaan ka pa rin ng Diyos. Ngunit kung hindi mo ito napapansin at negatibo ka, na basta na lamang hinahayaang mawalan ka ng pag-asa, kung nag-iisip ka sa ganitong paraan, sumapit na sa iyo ang panunukso ni Satanas. Nang sumailalim si Job sa mga pagsubok, nagpustahan ang Diyos at si Satanas, at pinayagan ng Diyos si Satanas na pahirapan si Job. Kahit na ang Diyos ang sumusubok kay Job, si Satanas talaga ang lumukob sa kanya. Para kay Satanas, panunukso iyon kay Job, ngunit nasa panig ng Diyos si Job. Kung hindi nagkagayon, natukso na sana si Job. Sa sandaling matukso ang mga tao, nahuhulog sila sa panganib. Ang pagdaan sa pagpipino ay masasabing isang pagsubok mula sa Diyos, ngunit kung hindi mabuti ang kalagayan mo, masasabing panunukso ito mula kay Satanas. Kung hindi malinaw sa iyo ang pangitain, pagbibintangan ka ni Satanas at ikukubli ka sa aspeto ng pangitain. Bago

mo pa malaman, matutukso ka na.

Hinango mula sa “Yaong mga Gagawing Perpekto ay Kailangang Sumailalim sa Pagpipino” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung ang mga tao ay nahuhulog sa ilalim ng impluwensiya ni Satanas, wala silang pag-ibig para sa Diyos sa loob nila, at ang kanilang dating mga pangitain, pag-ibig, at pasiya ay naglaho na. Dating nadarama ng mga tao na dapat silang magdusa para sa Diyos, nguni’t sa kasalukuyan iniisip nila na kahiya-hiya ang gawin iyon, at hindi sila nauubusan ng mga reklamo. Ito ang gawain ni Satanas, isang tanda na ang tao ay nahulog na sa ilalim ng sakop ni Satanas. Kung makatatagpo mo ang kalagayang ito dapat kang manalangin, at baligtarin mo ito sa lalong madaling panahon—iingatan ka nito laban sa mga pag-atake ni Satanas. Sa panahon ng mapait na pagpipino madaling nahuhulog ang tao sa ilalim ng impluwensiya ni Satanas, kaya paano mo dapat ibigin ang Diyos sa panahon ng gayong pagpipino? Dapat mong tipunin ang iyong kalooban, ialay ang iyong puso sa harap ng Diyos at ilaan ang iyong huling sandali sa Kanya. Paano ka man pinipino ng Diyos, dapat mong maisagawa ang katotohanan upang palugurin ang kalooban ng Diyos, at dapat kang magkusa sa sarili mo na hanapin ang Diyos at hangaring makipagniig. Sa mga panahong kagaya nito, habang lalo kang walang kibo, lalo kang magiging mas negatibo at magiging mas madali para sa iyo na umurong. Kapag kinakailangan mo na gawin ang iyong tungkulin, bagama’t hindi mo ito nagagawa nang maayos, gawin mo ang lahat ng iyong makakaya, at gawin ito gamit lamang ang walang iba kundi ang iyong pag-ibig sa Diyos; anuman ang sinasabi ng iba—sinasabi man nilang mahusay ang nagawa mo, o na hindi maganda ang nagawa mo—ang iyong mga intensyon ay tama, at hindi ka mapagmagaling, sapagka’t ikaw ay kumikilos sa ngalan ng Diyos. Kapag mali ang pakahulugan sa iyo ng iba, nagagawa mong manalangin sa Diyos at sinasabi: “O Diyos! Hindi ko hinihiling na pagtiisan ako ng iba o tratuhin ako nang maayos, ni maintindihan o sang-ayunan nila ako. Hinihiling ko lamang na magawa kong ibigin Ka sa puso ko, na mapalagay ako sa aking

puso, at na maging malinis ang aking konsiyensya. Hindi ko hinihiling na purihin ako ng iba, o tingalain ako; hinahangad ko lamang na mapalugod Ka mula sa aking puso; ginagawa ko ang aking tungkulin sa abot ng aking makakaya, at bagaman ako ay hangal, mangmang, may mahinang kakayahan at bulag, nalalaman ko na Ikaw ay kaibig-ibig, at nakahanda akong ilaan ang lahat ng mayroon ako sa Iyo.” Sa sandaling manalangin ka sa ganitong paraan, ang iyong pag-ibig para sa Diyos ay lilitaw, at mas lalong giginhawa ang iyong pakiramdam sa puso mo. Ito ang kahulugan ng pagsasagawa sa pag-ibig sa Diyos. Habang dumaranas ka, dalawang beses kang mabibigo at isang beses na magtatagumpay, o kung hindi naman ay mabibigo nang limang beses at dalawang beses na magtatagumpay, at habang nakararanas ka sa ganitong paraan, tanging sa gitna ng kabiguan magagawa mong makita ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos at matutuklasan kung ano ang kulang sa loob mo. Sa susunod na makatagpo mo ang gayong mga sitwasyon, dapat mong ingatan ang sarili mo, gawing mahinahon ang iyong mga hakbang, at manalangin nang mas madalas. Unti-unti mong mapapaunlad ang iyong kakayahan na magtagumpay sa gayong mga sitwasyon. Kapag nangyari iyon, naging mabisa ang iyong mga panalangin. Kapag nakita mong naging matagumpay ka sa pagkakataong ito, malulugod ka sa loob, at kapag nananalangin ka magagawa mong madama ang Diyos, at na ang presensiya ng Banal na Espiritu ay hindi ka pa nilisan—sa gayon mo lamang malalaman kung paano gumagawa sa loob mo ang Diyos. Ang pagsasagawa sa ganitong paraan ay magbibigay sa iyo ng landas sa pagdanas. Kung hindi mo isasagawa ang katotohanan, mawawala ang presensiya ng Banal na Espiritu sa loob mo. Nguni't kung isasagawa mo ang katotohanan kapag nakaharap mo ang mga bagay-bagay kung ano sila, bagama’t nasasaktan ang iyong kalooban, mapapasaiyo ang Banal na Espiritu pagkaraan, magagawa mong madama ang presensiya ng Diyos kapag ikaw ay nananalangin, magkakaroon ka ng lakas upang isagawa ang mga salita ng Diyos, at sa panahon ng pakikipagniig sa iyong mga kapatid wala nang magiging mabigat sa iyong konsensiya at ikaw ay

mapapanatag, at sa ganitong paraan, magagawa mong mailantad and iyong nagawa. Anuman ang sabihin ng iba, magagawa mong magkaroon ng isang normal na relasyon sa Diyos, hindi ka mapipigilan ng iba, ikaw ay aangat sa lahat—at sa ganito, maipakikita mo na ang iyong pagsasagawa sa mga salita ng Diyos ay naging mabisa.

Hinango mula sa "Sa Pamamagitan Lamang ng Pagdanas ng Pagpipino Maaaring Magtaglay ang Tao ng Tunay na Pag-ibig" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang pananampalataya, at pagkamasunurin ni Job, at ang kanyang patotoo sa pagtatagumpay laban kay Satanas ay mapagkukunan ng malaking tulong at lakas ng loob ng mga tao. Kay Job, sila ay nakakakita ng pag-asa para sa kanilang sariling kaligtasan, at nakita nila na sa pamamagitan ng pananampalataya, at pagsunod at takot sa Diyos, ganap na posibleng talunin si Satanas at manaig laban kay Satanas. Nakikita nila na hangga't hindi sila tumututol sa dakilang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos, at taglay nila ang determinasyon at pananampalataya na hindi itakwil ang Diyos matapos na mawala sa kanila ang lahat, maaari silang magdala ng kahihiyan at pagkatalo kay Satanas, at kailangan lamang nilang taglayin ang determinasyon at tiyaga upang manindigan sa kanilang patotoo—kahit na ito ay nangangahulugan ng pagkawala ng kanilang mga buhay—upang maduwag at mabilisang sumuko si Satanas. Ang patotoo ni Job ay isang babala sa mga sumusunod na henerasyon, at ang babalang ito ay nagsasabi sa kanila na kung hindi nila tatalunin si Satanas, hindi nila kailanman magagawang makawala sa mga paratang at panghihimasok sa kanila ni Satanas, at hindi rin nila kailanman magagawang makatakas sa pang-aabuso at pag-atake ni Satanas. Ang patotoo ni Job ay nagbigay ng kaliwanagan sa mga sumunod na henerasyon. Itinuturo ng kaliwanagang ito sa mga tao na kung sila ay perpekto at matuwid, saka lamang nila magagawang magkaroon ng takot sa Diyos at lumayo sa kasamaan; itinuturo nito sa kanila na kapag sila ay may takot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan, saka lamang nila makakayanang magkaroon ng malakas at tumataginting na patotoo sa

Diyos; kapag sila ay may malakas at umuugong na patotoo sa Diyos, saka lamang sila kailanman hindi na mapamamahalaan ni Satanas, at sila ay mabubuhay sa ilalim ng paggabay at pag-iingat ng Diyos—at doon lamang sila tunay na nailigtas. Ang personalidad ni Job at ang ginagawa niya sa kanyang buhay ay dapat tularan ng lahat ng nagnanais ng kaligtasan. Ang kanyang isinabuhay sa kanyang buong buhay at ang kanyang asal sa panahon ng kanyang mga pagsubok ay isang mahalagang kayamanan para sa lahat ng sumusunod sa daan ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at paglayo sa kasamaan.

Hinango mula sa "Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo II" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Si Pedro ay tapat sa Akin sa loob ng maraming taon, subalit hindi siya bumulung-bulong ni nagreklamo kailanman; kahit si Job ay hindi niya kapantay at, sa nagdaang mga kapanahunan, lahat ng banal ay hindi nakapantay kay Pedro. Hindi lamang niya hinangad na makilala Ako, kundi nakilala rin niya Ako sa isang panahon kung kailan isinasakatuparan ni Satanas ang mapanlinlang na mga pakana nito. Humantong ito sa paglilingkod ni Pedro sa Akin sa loob ng maraming taon, na laging nakaayon sa Aking kalooban, at dahil dito, hindi siya napagsamantalahan ni Satanas kailanman. Natuto si Pedro mula sa pananampalataya ni Job, subalit malinaw niya ring nahiwatigan ang mga pagkukulang ni Job. Bagama't naging matindi ang pananampalataya ni Job, wala siyang kaalaman tungkol sa mga bagay sa espirituwal na dako, kaya marami siyang sinabing mga salita na hindi tugma sa realidad; nagpapakita ito na ang kaalaman ni Job ay mababaw pa at hindi maaaring maging gawing perpekto. Samakatuwid, palaging nagtuon si Pedro sa pagtatamo ng diwa ng espiritu, at laging nakatuon sa pagmamasid sa mga kalakaran ng espirituwal na dako. Dahil dito, hindi lamang niya natiyak ang isang bagay sa Aking mga inaasam, kundi nagkaroon din ng kaunting kaalaman tungkol sa mapanlinlang na mga pakana ni Satanas. Dahil dito, mas dumami pa ang kanyang kaalaman tungkol sa Akin kaysa kaninuman sa pagdaan ng

mga kapanahunan.

Mula sa karanasan ni Pedro, hindi mahirap makita na kung nais Akong makilala ng mga tao, kailangan silang magsaaalang-alang nang husto sa loob ng kanilang espiritu. Hindi Ko hinihiling na ipakita mo na “naglalaan” ka ng ilang bahagi sa Akin; hindi ito gaanong mahalaga. Kung hindi mo Ako kilala, lahat ng pananampalataya, pagmamahal, at katapatang binabanggit mo ay mga ilusyon lamang; bula ang mga ito, at tiyak na magiging isa kang tao na labis na naghahambog sa Aking harapan ngunit hindi kilala ang kanyang sarili. Sa gayon, minsan ka pang mabibitag ni Satanas at hindi ka makakawala; magiging isa kang anak ng kapahamakan at isang pakay ng pagwasak. Gayunman, kung nanlalamig ka at wala kang pakialam sa Aking mga salita, walang dudang kontra ka sa Akin. Ito ay totoo, at makabubuting tumingin ka sa pasukan ng espirituwal na dako sa marami at iba-ibang espiritung nakastigo Ko. Sino sa kanila, na naharap, walang kibo, walang malasakit, at ayaw tumanggap sa Aking mga salita? Sino sa kanila ang hindi mapangutya sa Aking mga salita? Sino sa kanila ang hindi sumubok na maghanap ng mali sa Aking mga salita? Sino sa kanila ang hindi gumamit ng Aking mga salita bilang “mga sandatang pananggalang” para “protektahan” ang sarili nila? Hindi nila ginamit ang nilalaman ng Aking mga salita bilang isang paraan para makilala Ako, kundi para paglaruan lamang. Dahil dito, hindi ba nila Ako direktang nilalabanan? Sino ang Aking mga salita? Sino ang Aking Espiritu? Napakaraming beses Ko nang naitanong sa inyo ang gayong mga bagay, subalit nagkaroon na ba kayo ng mas mataas at malinaw na mga kabatiran tungkol sa mga ito? Talaga bang naranasan na ninyo ang mga ito? Minsan Ko pa kayong pinapaalalahanan: Kung hindi ninyo alam ang Aking mga salita, ni hindi ninyo tinatanggap ang mga ito, ni hindi ninyo isinasagawa ang mga ito, siguradong magiging mga pakay kayo ng Aking pagkastigo! Siguradong magiging mga biktima kayo ni Satanas!

Hinango mula sa “Kabanata 8” ng Mga Salita ng Diyos sa Buong Sansinukob sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

33. Ang mga Prinsipyo ng Pagtatakwil sa Malaking Pulang Dragon

(1) Sa pamamagitan lamang ng pag-uusig at pagdaan sa matitinding pagtitiis makikitang malinaw ng isang tao ang kakilakilabot na pagmumukha ng malaking pulang dragon at ang kasamaan nito, diwang pasalungat, at pagkapoot rito mula sa kanilang puso;

(2) Kinakailangang kilalanin na ang lahat ng teorya ng malaking pulang dragon, gaya ng ateismo, materyalismo, at ebolusyon, ay masasama at pasalungat at maling katuwiran;

(3) Kinakailangang makita nang malinaw na nalinlang at ginawang tiwali ng hindi mabilang na dami ng kamalian at lason ng malaking pulang dragon ang mga tao sa Tsina na anupa't sila'y nakapangingilabot at naging mga demonyo at halimaw ngayon;

(4) Upang maitakwil ang malaking pulang dragon, kinakailangang maunawaan ang napakaraming katotohanan, magawang makita ang mga pandaraya ng malaking pulang dragon at pahiyain si Satanas sa pamamagitan ng tunay na patotoo ng karanasan.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Sa maraming lugar, inihula na ng Diyos na magkakamit Siya ng isang grupo ng mga mananagumpay sa lupain ng Sinim. Dahil sa Silangan ng mundo makakamit ang mga mananagumpay, kaya walang duda na sa lupain ng Sinim tatapak ang Diyos sa Kanyang ikalawang pagkakatawang-tao, sa mismong lugar kung saan namamalaging nakapulupot ang malaking pulang dragon. Doon, makakamit ng Diyos ang mga inapo ng malaking pulang dragon upang ito ay lubusang matalo at mapahiya. Gigisingin ng Diyos ang mga taong ito, na labis na pinabibigatan ng pagdurusa, upang gisingin sila hanggang sila'y maging lubos na gising, at upang palakarin silang palabas ng hamog at tanggihan ang malaking pulang dragon. Gigising sila mula sa kanilang panaginip, makikilala ang diwa ng malaking pulang dragon, magagawang ibigay ang kanilang buong puso sa Diyos, aahon mula sa pang-aapi ng mga puwersa ng kadiliman, tumayo sa Silangan ng mundo, at maging patunay ng tagumpay ng Diyos.

Sa ganitong paraan lamang makakamit ng Diyos ang kaluwalhatian.

Hinango mula sa “Gawain at Pagpasok (6)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Hinahangad ng Diyos na gamitin ang isang bahagi ng gawain ng masasamang espiritu upang perpektuhin ang isang bahagi ng sangkatauhan, binibigyang-kakayahan ang mga taong ito na lubusang makita ang mga kasamaan ng demonyo, upang ang buong sangkatauhan ay maaaring tunay na makilala ang kanilang mga ninuno. Tanging sa ganitong paraan ganap na makakalaya ang mga tao, na hindi lamang tinatalikdan ang pamana ng mga diyablo, kundi pati ang mga ninuno ng mga diyablo. Ito ang tunay na hangarin ng Diyos sa ganap na paggapi ng malaking pulang dragon, upang makilala ng buong sangkatauhan ang tunay na anyo ng malaking pulang dragon, upang lubusang mapunit ang maskara nito at makita ang tunay nitong anyo. Ito ang ninanais ng Diyos na makamit, ito ang huling layunin ng lahat ng gawain Niya sa lupa, at ito ang hinahangad Niyang maisakatuparan sa buong sangkatauhan. Ito ay tinatawag na pagpapakilos sa lahat ng bagay para mapagsilbihan ang layunin ng Diyos.

Hinango mula sa “Kabanata 41” ng Mga Pakahulugan sa mga Hiwaga ng mga Salita ng Diyos sa Buong Sansinukob sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang Tsina ang pinakapaurong sa lahat ng bansa; ito ang lupain kung saan nakapulupot ang malaking pulang dragon, narito ang pinakamaraming taong sumasamba sa mga diyus-diyusan at nakikibahagi sa salamangka, may pinakamaraming templo, at ito ang lugar kung saan naninirahan ang maruruming demonyo. Isinilang ka nito, tinuruan nito at nakalubog sa impluwensya nito; nagawa ka nitong tiwali at pinahirapan nito, ngunit nang magising ka ay tinalikuran mo ito at lubos kang naangkin ng Diyos. Ito ang kaluwalhatian ng Diyos, at ito ang dahilan kaya ang yugtong ito ng gawain ay may malaking kabuluhan. Nakagawa ang Diyos ng napakalawak na gawain, nakasambit ng napakaraming salita, at sa huli ay lubos Niya kayong maaangkin—ito ay isang bahagi ng gawain ng pamamahala ng Diyos, at kayo ang “mga samsam ng tagumpay” ng

pakikibaka ng Diyos kay Satanas. Habang lalo ninyong nauunawaan ang katotohanan at napapabuti ang inyong buhay sa iglesia, lalong napapanikluhod ang malaking pulang dragon. Lahat ng ito ay mga bagay ng espirituwal na mundo—ito ang mga pakikibaka ng espirituwal na mundo, at kapag nagtagumpay ang Diyos, mapapahiya at babagsak si Satanas. Ang yugtong ito ng gawain ng Diyos ay may napakalaking kabuluhan. Gumagawa ang Diyos nang gayon kalawak at lubos na inililigtas ang grupong ito ng mga tao upang makatakas ka mula sa impluwensya ni Satanas, manirahan sa bayang banal, mabuhay sa liwanag ng Diyos, at mapamunuan at mapatnubayan ng liwanag. Kung gayon ay may kahulugan ang iyong buhay. Ang inyong kinakain at isinusuot ay kaiba sa mga hindi sumasampalataya; tinatamasa ninyo ang mga salita ng Diyos at nabubuhay nang makahulugan—at ano ang kanilang tinatamasa? Tinatamasa lamang nila ang “pamana ng kanilang mga ninuno” at ang kanilang “diwa ng bansa.” Wala sila ni katiting na bakas ng pagkatao! Lahat ng inyong damit, salita, at kilos ay naiiba sa kanila. Sa bandang huli, lubos ninyong matatakasan ang karumihan, hindi na kayo mabibitag sa tukso ni Satanas, at magtatamo kayo ng araw-araw na panustos ng Diyos. Dapat kayong maging maingat palagi. Bagama’t nabubuhay kayo sa isang maruming lugar, wala kayong bahid ng karumihan at maaaring mabuhay sa tabi ng Diyos, na tumatanggap ng Kanyang dakilang proteksyon. Hinirang kayo ng Diyos mula sa lahat lahat ng tao sa dilaw na lupaing ito. Hindi ba kayo ang pinakamapalad na mga tao? Isa kang nilalang—mangyari pa ay dapat mong sambahin ang Diyos at mamuhay nang makahulugan. Kung hindi mo sasambahin ang Diyos kundi mamumuhay ka ayon sa iyong maruming laman, hindi ba isang hayop ka lamang na nakasuot ng damit ng tao? Dahil isa kang tao, dapat mong gugulin ang sarili mo para sa Diyos at tiisin ang lahat ng pagdurusa! Dapat mong tanggapin nang masaya at may katiyakan ang kaunting pagdurusang pinagdaraanan mo ngayon at mamuhay ka nang makahulugan, kagaya nina Job at Pedro. Sa mundong ito, isinusuot ng tao ang damit ng diyablo, kinakain ang pagkaing nagmumula sa diyablo, at gumagawa at naglilingkod sa ilalim ng

impluwensya ng diyablo, ganap na natatapakan sa karumihan nito. Kung hindi mo nauunawaan ang kahulugan ng buhay o natatamo ang tunay na daan, ano ang kabuluhan sa pamumuhay nang ganito? Kayo ay mga taong patuloy na naghahanap sa tamang landas, yaong mga naghahangad ng paglago. Kayo ay mga taong naninindigan sa bansa ng malaking pulang dragon, yaong mga tinatawag na matuwid ng Diyos. Hindi ba iyon ang pinakamakahulugang buhay?

Hinango mula sa “Pagsasagawa (2)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Nasabi Ko na nang maraming beses na ang gawain ng Diyos sa mga huling araw ay ginagawa upang baguhin ang espiritu ng bawat tao, upang baguhin ang kaluluwa ng bawat tao, nang sa gayon ang kanilang puso, na nagdusa na ng matinding pinsala, ay mabago, sa gayon ay masagip ang kanilang kaluluwa, na matindi nang napinsala ng kasamaan: ito ay upang gisingin ang espiritu ng mga tao, upang tunawin ang kanilang malamig na mga puso, at tulutan silang mapasigla muli. Ito ang pinakadakilang kalooban ng Diyos. Isantabi ang usapin tungkol sa kung gaano katayog o kalalim ang buhay at mga karanasan ng tao; kapag nagising na ang puso ng mga tao, kapag nagising na sila mula sa kanilang mga panaginip at nalaman nang husto ang pinsalang idinulot ng malaking pulang dragon, natapos na ang gawain ng ministeryo ng Diyos. Ang araw na tapos na ang gawain ng Diyos ay ang araw rin kung kailan opisyal nang nagsisimula ang tao sa tamang landas ng paniniwala sa Diyos. Sa panahong ito, dumating na sa katapusan ang ministeryo ng Diyos: Ganap nang natapos ang gawain ng Diyos na nagkatawang-tao, at opisyal nang magsisimula ang tao na gampanan ang tungkulin na nararapat niyang gampanan—gagampanan niya ang kanyang ministeryo. Ang mga ito ang mga hakbang ng gawain ng Diyos. Kaya, dapat kayong mangapa para sa inyong landas sa pagpasok mula sa pundasyon ng pagkaalam ng mga bagay na ito. Ang lahat ng ito ang dapat ninyong maunawaan. Mapapabuti lamang ang pagpasok ng tao kapag ang mga pagbabago ay nangyari na sa kaibuturan ng kanyang puso, sapagka’t ang gawain ng Diyos ang ganap na kaligtasan ng tao—

ang tao na natubos, na namumuhay pa rin sa ilalim ng mga puwersa ng kadiliman, at hindi pa kailanman ginising ang sarili niya—mula sa lugar na ito na pinagtitipunan ng mga demonyo; ito ay upang ang tao ay maaaring mapalaya mula sa libu-libong taon ng kasalanan, at maging mga iniibig ng Diyos, ganap na pinababagsak ang malaking pulang dragon, itinatatag ang kaharian ng Diyos, at pinagpapahinga ang puso ng Diyos nang mas maaga; ito ay upang mailabas, nang walang pasubali, ang galit na lumalaki sa inyong dibdib, upang puksain yaong inaamag na mga mikrobyo, upang tulutan kayo na iwan ang buhay na ito na hindi naiiba mula sa buhay ng isang baka o kabayo, upang hindi na maging isang alipin, upang hindi na maging malayang natatapak-tapakan o inuutus-utusan ng malaking pulang dragon; hindi na kayo magiging bahagi ng nabigong bansang ito, hindi na magiging pagmamay-ari ng kasuklam-suklam na malaking pulang dragon, at hindi na kayo maaalipin nito. Ang pugad ng mga demonyo ay tiyak na luluray-lurayin ng Diyos, at kayo ay tatayo sa tabi ng Diyos—kayo ay pagmamay-ari ng Diyos, at hindi nabibilang sa imperyong ito ng mga alipin. Matagal nang kinasuklaman ng Diyos ang madilim na lipunang ito hanggang sa Kanya mismong mga buto. Nagngangalit ang Kanyang mga ngipin, sabik Siyang mariing tapakan ang masama at kasuklam-suklam na matandang ahas na ito, nang sa gayon hindi na ito maaaring bumangon pang muli, at hindi na kailanman muling aabusuhin ang tao; hindi Niya patatawarin ang mga kilos nito sa nakaraan, hindi Niya titiisin ang panlilinlang nito sa tao, at pagbabayarin Niya ito para sa bawat kasalanan nito sa mga nagdaang kapanahunan. Hindi hahayaan ng Diyos ni katiting na mawalan ng pananagutan ang pasimunong ito ng lahat ng kasamaan,[1] lubos Niya itong wawasakin.

Hinango mula sa “Gawain at Pagpasok (8)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa loob ng libu-libong taon, ito ang naging lupain ng karumihan. Hindi matitiis ang karumihan nito, napakalungkot dito, naglipana ang mga multo sa buong paligid, nanlalansi at nanlilinlang, nagpaparatang nang walang batayan,[2] walang-awa at malupit, niyuyurakan ang bayang ito ng mga

multo at iniiwan itong nagkalat ang mga patay na katawan; ang amoy ng pagkabulok ay bumabalot sa lupain at kumakalat sa hangin, at ito ay mahigpit na binabantayan.[3] Sino ang makakakita sa mundo sa kabila ng himpapawid? Mahigpit na ginagapos ng demonyo ang buong katawan ng tao, binubulag nito ang pareho niyang mga mata, at siniselyuhan nang mahigpit ang kanyang mga labi. Nagwala na ang hari ng mga diyablo sa loob ng ilang libong taon, magpahanggang sa ngayon, kung kailan patuloy pa rin nitong mahigpit na binabantayan ang bayan ng mga multo, na para bang ito ay di-mapapasok na palasyo ng mga demonyo; samantala, ang pangkat na ito ng mga asong-tagapagbantay ay nakatitig nang nanlilisik ang mga mata, takot na takot na mahuhuli sila ng Diyos nang hindi nila namamalayan at lilipulin silang lahat, at iiwan sila na walang lugar ng kapayapaan at kaligayahan. Paano kaya nakita kailanman ng mga taong nakatira sa ganitong bayan ng mga multo ang Diyos? Natamasa na ba nila kahit kailan ang pagiging kagiliw-giliw at ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos? Anong pagpapahalaga ang mayroon sila para sa mga bagay sa mundo ng tao? Sino sa kanila ang maaaring makaunawa sa sabik na kalooban ng Diyos? Hindi na gaanong nakapagtataka, kung gayon, na nananatiling ganap na nakatago ang Diyos na nagkatawang-tao: Sa isang madilim na lipunang tulad nito, kung saan ang mga demonyo ay walang puso at hindi makatao, paanong matitiis ng hari ng mga diyablo, na pumapatay ng mga tao nang walang pakundangan, ang pag-iral ng isang Diyos na kaibig-ibig, mabait, at banal din? Paano nito maaaring papurihan at ipagsaya ang pagdating ng Diyos? Ang mga sunud-sunurang ito! Sinusuklian nila ng poot ang kabaitan, matagal na nilang hinamak ang Diyos, inaabuso nila ang Diyos, sukdulan ang kanilang kalupitan, wala sila ni bahagyang pagsasaalang-alang para sa Diyos, nandarambong sila at nanloloob, nawalan na silang lubusan ng budhi, wala silang konsensya, at tinutukso nila ang mga walang-muwang upang mawalan ng katwiran. Mga ninuno ng sinauna? Minamahal na mga lider? Tinutulan nilang lahat ang Diyos! Iniwan ng kanilang panghihimasok ang lahat sa silong ng langit sa isang kalagayan ng kadiliman at ganap na kaguluhan! Kalayaang pangrelihiyon?

Lehitimong mga karapatan at mga interes ng mga mamamayan? Ang mga iyon ay mga pandarayang lahat para pagtakpan ang kasalanan! Sino ang nakayakap na sa gawain ng Diyos? Sino ang nagbuwis na ng kanilang buhay o nagpadanak na ng dugo para sa gawain ng Diyos? Sa sali't salinlahi, mula sa mga magulang hanggang sa mga anak, basta na lamang inalipin ng inaliping tao ang Diyos—paano itong hindi magbubunsod ng matinding galit? Ang libu-libong taon ng poot ay naiipon sa puso, nakaukit sa puso ang libu-libong taon ng pagkamakasalanan—paanong hindi ito pupukaw ng pagkasuklam? Ipaghiganti ang Diyos, ganap na lipulin ang Kanyang kaaway, huwag nang hayaan pa itong patuloy na magwala, at huwag na itong hayaang magsimula pa ng problema hangga't gusto nito! Ngayon na ang oras: Matagal nang tinipon ng tao ang lahat ng kanyang lakas, nailaan na niya ang lahat ng kanyang pagsisikap at binayaran ang bawat halaga para dito, upang punitin ang kahindik-hindik na mukha ng demonyong ito at tulutan ang mga tao, na nabulag na, at nagtiis na ng bawat uri ng pagdurusa at paghihirap, na bumangon mula sa kanilang pasakit at talikuran ang masama at matandang diyablong ito. Bakit naglalagay ng isang di-mapapasok na balakid sa gawain ng Diyos? Bakit gumagamit ng iba't ibang pandaraya upang linlangin ang mga tao ng Diyos? Nasaan ang tunay na kalayaan at lehitimong mga karapatan at mga interes? Nasaan ang katarungan? Nasaan ang kaaliwan? Nasaan ang init? Bakit gumagamit ng madayang mga pakana upang linlangin ang mga tao ng Diyos? Bakit gumagamit ng puwersa para pigilin ang pagdating ng Diyos? Bakit hindi hinahayaan ang Diyos na malayang gumala sa ibabaw ng lupa na nilikha Niya? Bakit tinutugis ang Diyos hanggang wala na Siyang mapagpahingahan man lamang ng Kanyang ulo? Nasaan ang init sa gitna ng mga tao? Nasaan ang pagsalubong sa gitna ng mga tao? Bakit nagdudulot ng gayon katinding pananabik sa Diyos? Bakit patatawagin ang Diyos nang paulit-ulit? Bakit pinipilit ang Diyos na mag-alala para sa Kanyang minamahal na Anak? Sa madilim na lipunang ito, bakit hindi hinahayaan ng nakakaawang mga asong-bantay nito na malayang dumating at umalis ang Diyos sa gitna ng mundong nilikha Niya? Bakit

hindi naiintindihan ng tao, ng taong nabubuhay sa gitna ng pasakit at pagdurusa? Alang-alang sa inyo, nagtiis na ang Diyos ng matinding paghihirap, taglay ang matinding pasakit, ibinigay na Niya ang Kanyang minamahal na Anak, ang Kanyang laman at dugo, sa inyo—kaya bakit nagbubulag-bulagan pa rin kayo? Kitang-kita ng lahat, tinatanggihan ninyo ang pagdating ng Diyos, at tinatanggihan ang pakikipagkaibigan ng Diyos. Bakit napakawalang-katwiran ninyo? Nahahanda ba kayong magtiis ng kawalang-katarungan sa madilim na lipunang tulad nito? Bakit, sa halip na pinupuno ninyo ang inyong tiyan ng libu-libong taon ng poot, ay pinapalamnan ninyo ang inyong mga sarili ng "dumi" ng hari ng mga diyablo?

Hinango mula sa "Gawain at Pagpasok (8)" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Nakabigkas na ng maraming salita ang Diyos, nguni't sino ang kailanman ay nagseryoso na sa mga ito? Hindi nauunawaan ng tao ang mga salita ng Diyos, gayunpaman nananatili siyang panatag, at walang matinding pananabik, hindi kailanman tunay na nakilala ang diwa ng matandang diyablo. Nakatira ang mga tao sa Hades, sa impiyerno, nguni't naniniwala na nakatira sila sa palasyo sa pusod ng dagat; sila ay inuusig ng malaking pulang dragon, gayunpaman ang iniisip nila sa kanilang mga sarili ay ang "mapaboran"[4] ng bansa; kinukutya sila ng diyablo nguni't iniisip na kanilang tinatamasa ang pinakamainam na sining ng laman. Anong pangkat ng mga marumi at abang mga hamak sila! Sinapit na ng tao ang kasawian, nguni't hindi niya ito nalalaman, at sa madilim na lipunang ito ay nagdurusa ng sunud-sunod na sakuna,[5] datapwa't hindi pa siya kailanman nagising dito. Kailan niya aalisin sa kanyang sarili ang kanyang kabaitan sa sarili at malaaliping disposisyon? Bakit sobra siyang walang malasakit sa puso ng Diyos? Tahimik ba niyang kinukunsinti ang pang-aapi at paghihirap na ito? Hindi ba niya inaasam ang araw na maaari niyang palitan ng liwanag ang kadiliman? Hindi ba niya inaasam na minsan pang malunasan ang mga kawalang-hustisya tungo sa katuwiran at katotohanan? Handa ba siyang manood nang walang ginagawa habang

tinatalikdan ng tao ang katotohanan at binabaluktot ang mga katunayan? Masaya ba siyang patuloy na tiisin ang pagmamaltratong ito? Payag ba siyang maging alipin? Handa ba siyang mamatay sa mga kamay ng Diyos kasama ang mga alipin ng nabigong kalagayang ito? Nasaan ang iyong kapasyahan? Nasaan ang iyong ambisyon? Nasaan ang iyong dignidad? Nasaan ang iyong integridad? Nasaan ang iyong kalayaan? Handa ka bang ibigay ang iyong buong buhay[6] para sa malaking pulang dragon, ang hari ng mga diyablo? Masaya ka bang hayaan itong pahirapan ka hanggang kamatayan? Ang mukha ng kalaliman ay magulo at madilim, habang ang mga karaniwang tao, na nagdurusa ng matinding pasakit, ay umiiyak sa Langit at nagrereklamo sa lupa. Kailan maitataas ng tao ang kanyang ulo? Payat at buto't balat ang tao, paano niya malalabanan itong malupit at abusadong diyablo? Bakit hindi niya ibinibigay ang kanyang buhay sa Diyos sa pinakamadaling panahong makakaya niya? Bakit nag-aalinlangan pa rin siya? Kailan niya matatapos ang gawain ng Diyos? Dahil walang-katuturang tinakot at inapi nang ganoon, ang kanyang buong buhay sa kahuli-hulihan ay magugugol sa walang-kabuluhan; bakit siya nagmamadaling dumating, at nagmamadaling umalis? Bakit hindi siya nagpapanatili ng isang bagay na mahalaga upang ibigay sa Diyos? Nakalimutan na ba niya ang libu-libong taon ng poot?

Hinango mula sa "Gawain at Pagpasok (8)" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Naisara nang mahigpit ng kaalaman tungkol sa sinaunang kultura at kasaysayan na sumasaklaw sa ilang libong taon ang pag-iisip at mga pagkaintindi ng tao at ang pananaw ng kanyang isipan kaya hindi tinatablan at hindi nalulusaw ang mga ito.[7] Naninirahan ang mga tao sa ikalabing-walong ikot ng impiyerno, para lamang silang naitaboy ng Diyos sa mga bartolina, kung saan maaaring hindi kailanman makita ang liwanag. Naapi na nang husto ng pyudal na pag-iisip ang tao kaya halos hindi sila makahinga at naghahabol sila ng hininga. Wala sila ni katiting na lakas upang lumaban; ang ginagawa lamang nila ay tahimik na magtiis nang magtiis…. Walang sinumang nangahas kailanman na magpumiglas o

ipagtanggol ang katuwiran at katarungan; talagang namumuhay lamang ang mga tao ng isang buhay na mas masahol pa sa hayop, sa ilalim ng mga paghampas at pang-aabuso ng pyudal na moralidad, araw-araw, at taun-taon. Hindi nila naisip kailanman na hanapin ang Diyos upang matamasa ang kaligayahan sa mundo ng tao. Para bagang napabagsak na ang mga tao hanggang sa maging para silang mga dahong nalaglag sa taglagas, lanta, tuyot, at manilaw-nilaw na kayumanggi. Matagal nang nawala ang alaala ng mga tao; kaawa-awa silang naninirahan sa impiyerno na tinatawag na mundo ng tao, naghihintay sa pagdating ng huling araw upang sama-sama silang mamatay sa impiyernong ito, na para bang ang huling araw na pinakahihintay nila ang araw na tatamasahin ng tao ang payapang kapahingahan. Nadala na ng pyudal na moralidad ang buhay ng tao sa “Hades,” na lalong nagpahina sa kapangyarihan ng tao na lumaban. Lahat ng uri ng pang-aapi ang nagtutulak sa tao, nang paunti-unti, na mahulog nang mas malalim sa Hades, palayo nang palayo sa Diyos, hanggang sa siya ay maging isa nang ganap na estranghero ngayon sa Diyos at nagmamadaling iwasan Siya kapag sila ay nagkatagpo. Hindi Siya pinakikinggan ng tao at iniiwan Siyang nakatayong mag-isa sa isang tabi, na para bang hindi pa Siya nakilala ng tao kailanman, na hindi pa Siya nakita dati. Subalit matagal nang naghihintay ang Diyos sa tao sa mahabang paglalakbay sa buhay, na hindi kailanman ipinupukol ang Kanyang di-mapigilang galit sa kanya, tahimik lamang na naghihintay, nang walang imik, na magsisi ang tao at magsimulang muli. Matagal nang pumarito ang Diyos sa mundo ng tao upang makibahagi sa mga pagdurusa ng tao sa mundo. Sa lahat ng taon na namuhay Siya sa piling ng tao, wala pang nakatuklas sa Kanyang pag-iral. Tahimik lamang na tinitiis ng Diyos ang paghihirap ng pagiging hamak sa mundo ng tao habang isinasakatuparan ang gawaing personal Niyang dinala. Patuloy Siyang nagtitiis para sa kapakanan ng kalooban ng Diyos Ama at ng mga pangangailangan ng sangkatauhan, na nagdaranas ng mga pagdurusang hindi kailanman naranasan ng tao. Sa presensya ng tao tahimik Siyang naglingkod sa kanya, at sa presensya ng tao Siya ay nagpakumbaba, para

sa kapakanan ng kalooban ng Diyos Ama at maging sa kapakanan ng mga pangangailangan ng sangkatauhan. Ang kaalaman tungkol sa sinaunang kultura ay parang balewalang ninakaw ang tao mula sa presensya ng Diyos at ipinasa siya sa hari ng mga diyablo at sa mga inapo nito. Nadala na ng Apat na Aklat at Limang Klasiko[a] ang pag-iisip at mga pagkaintindi ng tao sa isa pang kapanahunan ng paghihimagsik, na naging sanhi upang higit pa niyang sambahin ang mga sumulat ng Aklat/Klasiko ng mga Dokumento, at bilang resulta upang lalo pang palalain ang kanyang mga pagkaintindi tungkol sa Diyos. Walang kaalam-alam ang tao, walang-awang pinalayas ng hari ng mga diyablo ang Diyos mula sa kanyang puso at pagkatapos ay tuwang-tuwang matagumpay niya mismong inokupa iyon. Mula noon, nag-angkin na ang tao ng pangit at masamang kaluluwa at ng mukha ng hari ng mga diyablo. Napuno ng poot sa Diyos ang kanyang dibdib, at lumaganap ang galit na kasamaan ng hari ng mga diyablo sa kalooban ng tao araw-araw hanggang sa lubos siyang lamunin nito. Wala na ni katiting na kalayaan ang tao at walang paraang makalaya mula sa mga bitag ng hari ng mga diyablo. Wala siyang nagawa kundi magpabihag noon mismo, sumuko at magpatirapa sa pagpapasakop sa presensya nito. Noong araw, nang bata pa ang puso’t kaluluwa ng tao, itinanim doon ng hari ng mga diyablo ang binhi ng tumor ng ateismo, na nagtuturo sa kanya ng mga kamaliang gaya ng “mag-aral ng siyensya at teknolohiya; alamin ang Apat na Modernisasyon; at walang Diyos sa mundo.” Hindi lamang iyan, ipinapahayag nito sa bawat pagkakataon, “Umasa tayo sa ating kasipagan para makabuo tayo ng sarili nating magandang bayan,” na hinihiling sa bawat tao na maging handa mula sa pagkabata na matapat na makapaglingkod sa kanilang bansa. Dinala ang tao, nang walang kamalay-malay, sa presensya nito, kung saan walang pag-aatubiling kinamkam nito ang buong karangalan (ibig sabihin ay ang karangalang nauukol sa Diyos sa pagpigil sa buong sangkatauhan sa Kanyang mga kamay) para sa sarili nito. Hindi ito nagkaroon ng anumang kahihiyan kailanman. Bukod pa rito, hindi ito nahiyang agawin ang mga tao ng Diyos at hilahin sila pabalik sa bahay nito, kung saan tumalon ito na parang daga papunta sa ibabaw ng

mesa at pinasamba ang tao rito bilang Diyos. Napakadesperado nito! Iskandaloso itong sumisigaw ng mga bagay na nakakagulat, tulad ng: “Walang Diyos sa mundo. Ang hangin ay nagmumula sa mga pagbabago ayon sa mga batas ng kalikasan; ang ulan ay dumarating kapag sumisingaw ang tubig, na sumasalubong sa malalamig na temperatura, bumabagsak bilang mga patak sa lupa; ang lindol ay pagyanig ng ibabaw ng lupa dahil sa mga pagbabagong nangyayari dito; ang tagtuyot ay dulot ng pagkatuyo ng hangin kapag gumalaw ang pinakagitna sa ibabaw ng araw. Ang mga ito ay mga kababalaghan ng kalikasan. Nasaan, sa lahat ng ito, ang gawain ng Diyos?” Mayroon pa ngang mga sumisigaw ng mga pahayag na gaya ng sumusunod, mga bagay na hindi dapat ipahayag: “Ang tao ay nagmula sa unggoy noong unang panahon, at ang mundo ngayon ay nagmumula sa sunud-sunod na mga sinaunang lipunan na nagsimula humigit-kumulang isang bilyong taon na ang nakakaraan. Ang pag-unlad o pagbagsak ng isang bansa ay nakasalalay sa mga kamay ng mga mamamayan nito.” Sa likod nito, isinasabit ito ng tao sa dingding o ipinapatong ito sa mesa upang pagpitaganan at alayan iyon. Kasabay ng pagsigaw nito ng, “Walang Diyos,” itinataas nito ang sarili bilang Diyos, walang habas na itinutulak ang Diyos palabas ng mga hangganan ng lupa, samantalang nakatayo sa lugar ng Diyos at kumikilos bilang ang hari ng mga diyablo. Hindi na talaga makatwiran! Dahil dito, sagad sa buto ang pagkamuhi rito ng tao. Tila mortal na magkaaway sila ng Diyos, at hindi maaaring magkasama silang dalawa. Nagbabalak itong itaboy ang Diyos palayo samantalang ito ay malayang gumagala, nang hindi nasasakop ng batas.[8] Hari nga ito ng mga diyablo! Paano matitiis ang pag-iral nito? Hindi ito magpapahinga hangga’t hindi nito nagugulo ang gawain ng Diyos at iniiwan itong ganap na magulo,[9] na para bang nais nitong labanan ang Diyos hanggang sa huli, hanggang sa mamatay ang mga isda o masira ang lambat, na sadyang nilalabanan ang Diyos at palapit pa nang palapit. Matagal nang nalantad ang kasuklam-suklam nitong mukha, ngayo’y lamog at bugbog[10] na ito at nasa kakila-kilabot na kalagayan, subalit hindi pa rin maglulubag ang loob nito sa pagkamuhi sa Diyos, na para bang huhupa

lamang ang pagkamuhing tinimpi sa puso nito kapag nilamon na nito nang buo ang Diyos sa isang subuan. Paano natin matitiis ito, ang kaaway na ito ng Diyos! Tanging ang pagpuksa at ganap na paglipol lamang dito matutupad ang inaasam natin sa buhay. Paano ito mapapayagang patuloy na magpakalat-kalat? Nagawa nitong tiwali ang tao hanggang sa hindi na alam ng tao ang langit-araw, at naging manhid at walang pakiramdam. Nawalan na ng normal na katwiran ang tao. Bakit hindi natin ialay ang buo nating pagkatao para sirain at sunugin ito upang maalis ang lahat ng alalahanin sa hinaharap at tulutan ang gawain ng Diyos na umabot sa walang-katumbas na kaningningan sa lalong madaling panahon? Naparito sa mundo ng mga tao ang grupong ito ng mga tampalasan at ginulo ito nang husto. Nadala na nila ang buong sangkatauhan sa bingit ng isang bangin, lihim na nagpaplanong itulak sila pababa para magkaluray-luray upang malamon nila ang kanilang bangkay pagkatapos. Walang saysay silang umaasang sirain ang plano ng Diyos at makipagkumpitensya sa Kanya, na sapalarang isinusugal ang lahat nang minsanan.[11] Hindi madaling gawin iyon! Kunsabagay ay nakahanda na ang krus para sa hari ng mga diyablo, na may kagagawan ng pinakamasasamang krimen. Hindi nabibilang ang Diyos sa krus. Itinabi na Niya ito para sa diyablo. Matagal nang nanalo ang Diyos at hindi na nakakaramdam ng kalungkutan sa mga kasalanan ng sangkatauhan, ngunit maghahatid Siya ng kaligtasan sa buong sangkatauhan.

Hinango mula sa “Gawain at Pagpasok (7)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Mula itaas hanggang ibaba at mula simula hanggang wakas, ginagambala na ni Satanas ang gawain ng Diyos at kumikilos laban sa Kanya. Lahat ng pag-uusap na ito tungkol sa “sinaunang pamanang kultura,” mahalagang “kaalaman tungkol sa sinaunang kultura,” “mga turo ng Taoism at Confucianism,” at “Confucian classics at mga seremonyang pyudal” ay dinala na ang tao sa impiyerno. Ang mas maunlad na makabagong-panahong siyensya at teknolohiya, pati na ang lubhang maunlad na industriya, agrikultura, at pagnenegosyo ay hindi makita kahit

saan. Sa halip, binibigyang-diin lamang nito ang mga ritwal na pyudal na ipinalaganap ng sinaunang “mga unggoy” upang sadyang gambalain, labanan, at lansagin ang gawain ng Diyos. Hindi lamang nito patuloy na sinaktan ang tao hanggang sa araw na ito, kundi nais pa nitong lunukin nang buo[12] ang tao. Ang paghahatid ng moral at etikal na mga turo ng pyudalismo at ang pagpapasa ng kaalaman tungkol sa sinaunang kultura ay matagal nang nahawahan ang sangkatauhan, at ginawa silang mga diyablong malalaki at maliliit. Iilan lamang ang masayang tatanggap sa Diyos, at buong kagalakang sasalubong sa Kanyang pagdating. Ang mukha ng buong sangkatauhan ay puno ng layuning pumatay, at sa lahat ng lugar, ramdam ang layuning pumatay. Hangad nilang palayasin ang Diyos mula sa lupaing ito; hawak ang mga kutsilyo at espada, inaayos nila ang kanilang sarili sa pakikipaglaban upang “puksain” ang Diyos. Sa buong lupaing ito ng diyablo, kung saan palaging itinuturo na walang Diyos, nagkalat ang mga diyus-diyusan, at nakakalat sa hangin sa ibabaw ang nakakasukang amoy ng nasusunog na papel at insenso, na masyadong makapal kaya mahirap huminga. Para iyong amoy ng putik na sumisingaw pataas sa pagpulupot ng makamandag na ahas, kaya hindi mapigil ng tao na masuka. Bukod dito, bahagyang maririnig ang ingay ng masasamang demonyo na sabay-sabay na sinasambit ang mga banal na kasulatan, isang ingay na tila nanggagaling sa malayong impiyerno, kaya hindi mapigil ng tao na manginig. Sa lahat ng dako ng lupaing ito ay may nakalagay na mga diyus-diyusan na kakulay ng bahaghari, na ginagawang isang mundo ng mahahalay na kasiyahan ang lupain, samantalang patuloy na humahalakhak nang buong kasamaan ang hari ng mga diyablo, na para bang nagtagumpay na ang masamang balak nito. Samantala, nananatili itong lubos na wala sa loob ng tao, at ni wala rin siyang kamalay-malay na nagawa na siyang tiwali ng diyablo hanggang sa punto kung saan nawalan na siya ng pakiramdam at nakayuko dahil sa pagkatalo. Nais nitong palisin, sa isang iglap, ang lahat ng tungkol sa Diyos, at muli Siyang pasamain at paslangin; hangad nitong ibagsak at guluhin ang Kanyang gawain. Paano nito matutulutan ang Diyos na makapantay sa katayuan? Paano nito

matitiis na “humadlang” ang Diyos sa gawain nito sa mga tao sa lupa? Paano nito matutulutan ang Diyos na ilantad ang kasuklam-suklam nitong mukha? Paano nito matutulutan ang Diyos na gambalain ang gawain nito? Paano mapapayagan ng diyablong ito, na nagpupuyos ang galit, na makontrol ng Diyos ang maharlikang hukuman nito sa lupa? Paano nito matatanggap nang maluwag ang nakahihigit na kapangyarihan Niya? Nabunyag na ang kasuklam-suklam nitong mukha kung ano talaga ito, kaya hindi alam ng tao kung tatawa siya o iiyak, at talagang mahirap itong banggitin. Hindi ba ito ang diwa nito? May pangit na kaluluwa, naniniwala pa rin ito na di-kapani-paniwala ang kagandahan nito. Ang grupong ito ng magkakasabuwat sa krimen![13] Bumababa sila sa mundo ng mga mortal upang magpakasaya at magsanhi ng kaguluhan, na ginugulo nang husto ang mga bagay-bagay kaya nagiging salawahan at pabagu-bago ang mundo at natataranta at hindi mapakali ang puso ng tao, at napaglaruan nila nang husto ang tao kaya nagmukha siyang isang malupit na hayop sa parang, napakapangit, at wala na ang pinakahuling bakas ng orihinal na taong banal. Bukod pa rito, nais pa nilang kunin ang pinakamataas na kapangyarihan sa lupa. Hinahadlangan nila nang husto ang gawain ng Diyos kaya hindi ito halos makasulong, at sinasarhan nila ang tao nang kasinghigpit ng mga pader na tanso at bakal. Dahil napakaraming nagawang kasalanan at nagsanhi ng napakaraming kalamidad, may inaasahan pa ba silang iba maliban sa pagkastigo? Naghuhuramentado na ang mga demonyo at masasamang espiritu sa lupa, at nasarhan na kapwa ang kalooban at matiyagang pagsisikap ng Diyos kaya hindi na sila mapasok. Totoo, mortal na kasalanan ito! Paanong hindi mababalisa ang Diyos? Paanong hindi mapopoot ang Diyos? Matindi na nilang hinadlangan at kinalaban ang gawain ng Diyos: Napakasuwail!

Hinango mula sa “Gawain at Pagpasok (7)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Talaga bang namumuhi kayo sa malaking pulang dragon? Talaga bang tunay ninyong kinamumuhian ito? Bakit ba napakaraming beses Ko na kayong natanong? Bakit Ko ba palaging itinatanong sa inyo ang bagay

na ito, nang paulit-ulit? Anong imahe ng malaking pulang dragon ang nasa inyong puso? Talaga bang naalis na ito? Talaga bang hindi ninyo ito itinuturing na inyong ama? Dapat mahiwatigan ng lahat ng tao ang layunin Ko sa Aking mga tanong. Hindi ito para pukawin ang galit ng mga tao, ni hindi para mag-udyok ng paghihimagsik sa tao, ni hindi para matagpuan ng tao ang kanyang sariling daan palabas, kundi para tulutan ang lahat ng tao na palayain ang kanilang sarili mula sa pagkaalipin sa malaking pulang dragon. Subalit hindi dapat mag-alala ang sinuman. Lahat ay maisasakatuparan sa pamamagitan ng Aking mga salita; walang sinumang tao ang maaaring makibahagi, at walang taong makakagawa ng gawaing Aking isasagawa. Lilinisin Ko ang hangin sa lahat ng lupain at pupuksain Ko ang lahat ng bakas ng mga demonyo sa lupa. Nagsimula na Ako, at uumpisahan Ko ang unang hakbang ng Aking gawain ng pagkastigo sa tirahan ng malaking pulang dragon. Kaya makikita na sumapit na ang Aking pagkastigo sa buong sansinukob, at na ang malaking pulang dragon at lahat ng uri ng mga karumal-dumal na espiritu ay mawawalan ng lakas na takasan ang Aking pagkastigo, sapagkat nakatingin Ako sa lahat ng lupain. Kapag natapos na ang Aking gawain sa lupa, ibig sabihin, kapag nagwakas na ang panahon ng paghatol, pormal Kong kakastiguhin ang malaking pulang dragon. Makikita ng Aking mga tao ang matuwid Kong pagkastigo sa malaking pulang dragon, siguradong magbubuhos sila ng papuri dahil sa Aking pagkamatuwid, at siguradong pupurihin nila ang Aking banal na pangalan magpakailanman dahil sa Aking pagkamatuwid. Dahil dito ay pormal ninyong gagampanan ang inyong tungkulin, at pormal ninyo Akong pupurihin sa buong lupain, magpakailan pa man!

Kapag ang panahon ng paghatol ay umabot na sa rurok nito, hindi Ko mamadaliin ang pagtapos sa Aking gawain, kundi isasama Ko rito ang katibayan ng panahon ng pagkastigo at tutulutan Kong makita ng lahat ng tao Ko ang katibayang ito; dito lalabas ang mas malaking bunga. Ang katibayang ito ang kaparaanang gagamitin Ko sa pagkastigo sa malaking pulang dragon, at hahayaan Kong mamasdan ito ng Aking mga tao sa sarili nilang mga mata upang mas malaman nila ang Aking disposisyon. Ang

panahon na matatamasa Ako ng Aking mga tao ay kapag kinastigo ang malaking pulang dragon. Plano Kong gawing dahilan ito upang magbangon at maghimagsik ang mga tao ng malaking pulang dragon, at ito ang pamamaraang ginagamit Ko upang gawing perpekto ang Aking mga tao, at magandang pagkakataon ito upang lumago sa buhay ang lahat ng tao Ko.

Hinango mula sa “Kabanata 28” ng Mga Salita ng Diyos sa Buong Sansinukob sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Upang magpatotoo sa Diyos at upang hiyain ang malaking pulang dragon, dapat mayroong prinsipyo ang isang tao, at dapat matugunan niya ang isang kondisyon: Dapat niyang mahalin ang Diyos sa puso niya at pumasok sa mga salita Niya. Kung hindi ka papasok sa mga salita ng Diyos, wala kang magiging paraan upang hiyain si Satanas. Sa pamamagitan ng paglago sa buhay mo, itinatakwil mo ang malaking pulang dragon at dinadalhan ito ng lubos na kahihiyan; tanging ito lamang ang tunay na makapagpapahiya sa malaking pulang dragon. Habang mas handa kang isagawa ang mga salita ng Diyos, mas lumalaki ang katibayan ng pagmamahal mo sa Diyos at ng pagkamuhi mo sa malaking pulang dragon; habang mas sinusunod mo ang mga salita ng Diyos, mas lumalaki ang katibayan ng pananabik mo sa katotohanan. Ang mga taong hindi nananabik sa mga salita ng Diyos ay mga taong walang buhay. Ang ganitong mga tao ay yaong mga nasa labas ng mga salita ng Diyos, na kasapi sa relihiyon. Ang mga taong tunay na naniniwala sa Diyos ay may mas malalim na kaalaman sa mga salita ng Diyos sa pamamagitan ng pagkain at pag-inom ng mga salita Niya. Kung hindi mo pinananabikan ang mga salita ng Diyos, hindi mo tunay na makakain at maiinom ang mga salita Niya, at kung wala kang kaalaman sa mga salita ng Diyos, wala kang paraan upang magpatotoo sa Diyos o magbigay-kasiyahan sa Diyos.

Hinango mula sa “Tanging Yaong mga Nakababatid Lamang ng Gawain ng Diyos Ngayon ang Maaaring Paglingkuran ang Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ngayon, maaari kang maghangad na magawang perpekto o maghangad ng mga pagbabago sa iyong panlabas na pagkatao at

mapahusay ang iyong kakayahan, ngunit ang pinakamahalaga ay na nauunawaan mo na lahat ng ginagawa ngayon ng Diyos ay may kahulugan at kapaki-pakinabang: Ikaw na isinilang sa isang lupain ng karumihan ay nagkakaroon ng kakayahang makatakas sa karumihan at maipagpag ito, binibigyan ka nito ng kakayahang madaig ang impluwensya ni Satanas, at talikuran ang madilim na impluwensya ni Satanas. Sa pagtutuon sa mga bagay na ito, protektado ka sa lupaing ito ng karumihan. Sa huli, anong patotoo ang hihilinging ibigay mo? Ikaw ay isinilang sa isang lupain ng karumihan ngunit nagagawa mong maging banal, na hindi na muling mabahiran ng dumi kailanman, na mabuhay sa ilalim ng sakop ni Satanas ngunit inaalis sa iyong sarili ang impluwensya ni Satanas, na hindi masapian ni maligalig ni Satanas, at mabuhay sa mga kamay ng Makapangyarihan sa lahat. Ito ang patotoo, at ang katibayan ng tagumpay sa pakikipaglaban kay Satanas. Nagagawa mong talikuran si Satanas, hindi ka na nagpapakita ng napakasasamang disposisyon sa iyong pagsasabuhay, kundi sa halip ay isinasabuhay mo yaong hinihiling ng Diyos na makamit ng tao nang likhain Niya ang tao: normal na pagkatao, normal na pakiramdam, normal na kabatiran, normal na matibay na pagpapasiyang mahalin ang Diyos, at katapatan sa Diyos. Ganyan ang patotoong ibinabahagi ng isang nilalang ng Diyos. Sabi mo, “Tayo ay isinilang sa isang lupain ng karumihan, ngunit dahil sa proteksyon ng Diyos, dahil sa Kanyang pamumuno, at dahil nalupig Niya tayo, naalis na natin sa ating sarili ang impluwensya ni Satanas. Nakakaya nating sumunod ngayon dahil sa epekto ng paglupig ng Diyos, at hindi dahil sa mabuti tayo, o dahil likas nating mahal ang Diyos. Iyon ay dahil hinirang tayo ng Diyos, at itinalaga tayo noon pa man, kaya tayo nalupig ngayon, nagagawa nating magpatotoo sa Kanya, at maglingkod sa Kanya; gayundin, ito ay dahil hinirang Niya tayo at pinrotektahan, kaya tayo naligtas at napalaya mula sa sakop ni Satanas, at maaari nating talikuran ang karumihan at mapadalisay sa bansa ng malaking pulang dragon.” Dagdag pa rito, ang iyong isinasabuhay ay magpapakita na mayroon kang normal na pagkatao, may katuturan ang sinasabi mo, at isinasabuhay mo

ang wangis ng isang normal na tao. Kapag nakikita ka ng iba, hindi mo sila dapat bigyan ng dahilan para sabihing, “Hindi ba ito ang imahe ng malaking pulang dragon?” Ang pag-uugali ng mga sister ay hindi angkop sa isang sister, ang pag-uugali ng mga brother ay hindi angkop sa isang brother, at wala sa iyo ang kagandahang-asal ng mga santo. Sa gayon ay sasabihin ng mga tao, “Kaya pala sinabi ng Diyos na sila ay mga inapo ni Moab, tama nga Siya!” Kung titingnan kayo ng mga tao at sasabihin nilang, “Kahit sinabi ng Diyos na mga inapo kayo ni Moab, napatunayan ng isinasabuhay ninyo na tinalikuran na ninyo ang impluwensya ni Satanas; bagama’t nasa kalooban pa rin ninyo ang mga bagay na iyon, nagagawa ninyong talikuran ang mga iyon, nagpapakita ito na ganap na kayong nalupig,” sasabihin ninyong mga nalupig at nailigtas, “Totoong kami ang mga inapo ni Moab, ngunit nailigtas kami ng Diyos, at bagama’t ang mga inapo ni Moab noong araw ay pinabayaan at isinumpa, at itinapon ng mga tao ng Israel sa mga Gentil, ngayon ay nailigtas kami ng Diyos. Totoong kami ang pinakatiwali sa lahat ng tao—ang Diyos ang nagpasiya nito, ito ay totoo, at hindi ito maikakaila ng lahat. Ngunit ngayon ay nakatakas na kami sa impluwensyang iyon. Kinamumuhian namin ang aming mga ninuno, handa kaming tumalikod sa aming mga ninuno, upang lubos na itong talikuran at sundin ang lahat ng plano ng Diyos, na kumikilos ayon sa kalooban ng Diyos at isinasagawa ang Kanyang mga kahilingan sa amin, at napapalugod namin ang kalooban ng Diyos. Ipinagkanulo ni Moab ang Diyos, hindi siya kumilos ayon sa kalooban ng Diyos, at kinasuklaman siya ng Diyos. Ngunit dapat nating pagmalasakitan ang puso ng Diyos, at ngayon, dahil nauunawaan natin ang kalooban ng Diyos, hindi natin maaaring ipagkanulo ang Diyos, at dapat nating itakwil ang dati nating ninuno!” Noong nakaraan nagsalita Ako tungkol sa pagtatakwil sa malaking pulang dragon, at ngayon, tungkol lamang ito sa pagtatakwil sa dating ninuno ng mga tao. Ito ay isang patotoo ng paglupig sa mga tao, at paano ka man pumasok ngayon, hindi dapat magkulang ang iyong patotoo sa aspetong ito.

Hinango mula sa “Ang Katotohanang Nakapaloob sa Gawain ng Panlulupig (2)” sa Ang Salita

Nawa ay liwanagan tayo ng Diyos, upang makilala nating lahat ang Kanyang pagiging kaibig-ibig, magawang ibigin ang ating Diyos sa kaibuturan ng ating mga puso, at maipahayag ang pag-ibig na taglay nating lahat para sa Diyos sa magkakaiba nating katayuan; nawa ay ipagkaloob sa atin ng Diyos ang mga pusong walang maliw na taos-pusong umiibig sa Kanya—ito ang Aking inaasahan. Yamang nasabi ito, nakadarama Ako ng bahagyang simpatya para sa Aking mga kapatirang lalaki at babae na ipinanganak din sa lupaing ito ng karumihan, at kaya sumibol sa loob Ko ang pagkamuhi sa malaking pulang dragon. Hinahadlangan nito ang ating pag-ibig para sa Diyos at inuudyukan ang ating pagkaganid sa ating panghinaharap na mga pagkakataon. Tinutukso nito tayo na maging negatibo, na lumaban sa Diyos. Ang malaking pulang dragon ang matagal nang luminlang sa atin, ginawa tayong tiwali, at sumisira sa atin hanggang ngayon, hanggang sa punto na hindi na natin makayang suklian ng ating mga puso ang pag-ibig ng Diyos. Nasa ating mga puso ang pagnanais, nguni’t sa kabila ng ating mga sarili, wala tayong lakas. Lahat tayo ay mga biktima nito. Sa kadahilanang ito, namumuhi Ako rito mula sa kaibuturan ng Aking kalooban, at hindi na Ako makapaghintay na wasakin ito. Gayunpaman, kapag muli Akong nag-iisip, wala ring mangyayari rito at magdadala lang ito ng kaguluhan sa Diyos, kaya bumabalik Ako sa mga salitang ito—itinalaga Ko ang Aking puso sa paggawa sa Kanyang kalooban—ang ibigin ang Diyos. Ito ang landas na Aking tinatahak—ito ang landas na kung saan Ako, ang isa sa Kanyang mga nilalang, ay dapat na lumakad. Ganito Ko dapat gugulin ang Aking buhay. Ito ang mga salita mula sa Aking puso, at umaasa Ako na ang Aking mga kapatirang lalaki at babae ay magkakamit ng kaunting pampasigla matapos basahin ang mga salitang ito upang ang Aking puso ay makapagkamit ng kaunting kapayapaan. Dahil ang Aking mithiin ay gawin ang kalooban ng Diyos at sa gayon ay isabuhay ang isang nagliliwanag at nagniningning na buhay na puspos ng kabuluhan. Sa ganito, makakaya Kong mamatay nang walang

mga pagsisisi, nang may pusong puno ng kaluguran at kaginhawahan. Nais mo bang gawin iyon? Ikaw ba ay isang tao na may ganoong uri ng pagpapasiya?

Hinango mula sa “Ang Landas … (2)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Mga Talababa:

1. Ang “pasimunong ito ng lahat ng kasamaan” ay tumutukoy sa matandang diyablo. Ang pariralang ito ay nagpapahayag ng sukdulang pagkamuhi.

2. Ang “nagpaparatang nang walang batayan” ay tumutukoy sa mga paraan kung paano pinipinsala ng diyablo ang mga tao.

3. Ang “mahigpit na binabantayan” ay nagpapahiwatig na ang mga paraan kung saan pinahihirapan ng diyablo ang mga tao ay lalo nang malupit, at kontrolado nang labis ang mga tao na wala na silang makilusan.

4. Ang “mapaboran” ay ginagamit upang tuyain ang mga taong parang blangko at walang kamalayan sa sarili.

5. Ang “nagdurusa ng sunud-sunod na sakuna” ay nagpapahiwatig na ang mga tao ay ipinanganak sa lupain ng malaking pulang dragon, at hindi nila kayang itaas ang kanilang mga ulo.

6. Ang “ibigay ang iyong buong buhay” ay ipinapakahulugan sa paraang mapanirang-puri.

7. Ang “hindi nalulusaw” ay nilayon bilang panunudyo [satire] dito, na ibig sabihin ay maigting ang mga tao sa kanilang kaalaman, kultura, at espirituwal na pananaw.

8. Ang “malayang gumagala, nang hindi nasasakop ng batas” ay nagpapahiwatig na nagagalit at naghuhuramentado ang diyablo.

9. Ang “ganap na magulo” ay tumutukoy sa kung paanong hindi makayanang tingnan ang marahas na pag-uugali ng diyablo.

10. Ang “lamog at bugbog” ay tumutukoy sa pangit na mukha ng hari ng mga diyablo.

11. Ang ibig sabihin ng “sapalarang isinusugal ang lahat nang minsanan” ay itaya ang lahat ng pera ng isang tao sa pag-asang manalo sa huli. Ito ay isang metapora para sa masama at karumal-dumal na mga pakana ng diyablo. Ginagamit ang pahayag na ito nang patuya.

12. Ang “lunukin” ay tumutukoy sa marahas na pag-uugali ng hari ng mga diyablo, na sinasaklot nang buo ang mga tao.

13. Ang “magkakasabuwat sa krimen” ay kapareho ng uri ng “isang grupo ng mga

butangero.”

a. Ang Apat na Aklat at Limang Klasiko ay mapagkakatiwalaang tumpak na mga aklat ng Confucianism sa China.

34. Ang mga Prinsipyo upang Makawala sa Impluwensiya ni Satanas

(1) Kinakailangang tanggapin ang paghatol at pagkastigo ng Diyos, matamo ang tunay na kaalaman sa katotohanan at diwa ng sariling katiwalian, at kapootan at itakwil si Satanas mula sa kaibuturan ng puso ng isang tao;

(2) Kinakailangang pagtuunan ang pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, hanapin ang katotohanan sa lahat ng bagay, magmuni-muni tungkol sa mga pagpapahayag ng katiwalian ng isang tao, at maisagawa ang katotohanan at magpasakop sa Diyos;

(3) Kinakailangang masakbatan ng katotohanan upang matalas na makilala ang malaking pulang dragon, mga anticristo, huwad na lider, masasamang espiritu, at masasamang tao, at matiyak na huwag maging biktima ng pandaraya ni Satanas;

(4) Kinakailangang tanggapin ang lahat ng katotohanan, at, sa pamamagitan ng tunay na pagkakilala sa Diyos, magpaunlad ng isang bagong pananaw sa buhay at sa mga pinahahalagahan, sa gayon nagiging isang taong nagmamahal sa Diyos at nagpapasakop sa Kanya.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Tumakas Mula sa Impluwensya ng Kadiliman, at Kakamtin Ka ng Diyos

(Isang Piniling Kabanata ng Salita ng Diyos)

Ano ba ang impluwensya ng kadiliman? Ang tinatawag na “impluwensya ng kadiliman” ay ang impluwensya ng panlilinlang, katiwalian, paggapos, at pagkontrol ni Satanas sa mga tao; ang impluwensya ni Satanas ay isang impluwensyang nagbabadya ng kamatayan. Lahat ng nabubuhay sa ilalim ng sakop ni Satanas ay tiyak na mamamatay.

Paano ka makakatakas mula sa impluwensya ng kadiliman pagkatapos mong magkaroon ng pananampalataya sa Diyos? Kapag nanalangin ka na nang taos sa Diyos, ibinabaling mo nang lubusan ang iyong puso sa Kanya, at sa puntong ito ay inaantig ng Espiritu ng Diyos ang puso mo. Nagiging handa kang ibigay sa Kanya nang lubusan ang iyong sarili, at sa sandaling ito, nakatakas ka na mula sa impluwensya ng kadiliman. Kung ang lahat ng ginagawa ng tao ay yaong nakalulugod sa Diyos at naaayon sa Kanyang mga hinihingi, siya ay isang taong namumuhay ayon sa mga salita ng Diyos at sa ilalim ng Kanyang pangangalaga at proteksyon. Kung hindi maisagawa ng mga tao ang mga salita ng Diyos, kung lagi nilang tinatangkang lokohin Siya, kumikilos nang walang sigla ukol sa Kanya, at hindi naniniwala sa Kanyang pag-iral—lahat ng taong ito ay nabubuhay sa ilalim ng impluwensya ng kadiliman. Ang mga taong hindi pa nakatanggap ng pagliligtas ng Diyos ay nabubuhay sa ilalim ng sakop ni Satanas; ibig sabihin, lahat sila ay nabubuhay sa ilalim ng impluwensya ng kadiliman. Yaong mga hindi naniniwala sa Diyos ay nabubuhay sa ilalim ng sakop ni Satanas. Kahit yaong mga naniniwala sa pag-iral ng Diyos ay maaaring hindi nabubuhay sa Kanyang liwanag, sapagkat yaong mga naniniwala sa Kanya ay maaaring hindi talaga namumuhay ayon sa Kanyang mga salita ni nagagawang magpasakop sa Diyos. Ang tao ay limitado sa pananalig sa Diyos, at dahil wala siyang alam tungkol sa Diyos, nabubuhay pa rin siya ayon sa mga lumang panuntunan, sa mga salitang walang katuturan, sa isang buhay na madilim at walang katiyakan, nang hindi lubos na napadalisay ng Diyos ni lubos Niyang naangkin. Samakatuwid, bagaman hindi na kailangang sabihin pa na yaong mga hindi naniniwala sa Diyos ay nabubuhay sa ilalim ng impluwensya ng kadiliman, kahit yaong mga naniniwala sa Diyos ay maaaring nasa ilalim pa rin ng impluwensya nito, sapagkat wala sa kanila ang gawain ng Banal na Espiritu. Yaong mga hindi pa nakatanggap ng biyaya o awa ng Diyos at yaong mga hindi makakita sa gawain ng Banal na Espiritu ay nabubuhay na lahat sa ilalim ng impluwensya ng kadiliman; at karaniwan, gayon din ang mga taong nagtatamasa lamang ng biyaya ng

Diyos subalit hindi Siya nakikilala. Kung ang isang tao ay naniniwala sa Diyos subalit ginugugol ang halos buong buhay niya sa pamumuhay sa ilalim ng impluwensya ng kadiliman, ang pag-iral ng taong ito ay nawalan na ng kabuluhan—at bakit pa babanggitin ang mga taong hindi naniniwala na mayroong Diyos?

Lahat niyaong hindi matanggap ang gawain ng Diyos, o tinatanggap ang gawain ng Diyos ngunit hindi makatugon sa Kanyang mga hinihiling, ay mga taong nabubuhay sa ilalim ng impluwensya ng kadiliman. Yaon lamang mga naghahangad na matamo ang katotohanan at kayang tumugon sa mga hinihiling ng Diyos ang tatanggap ng mga pagpapala mula sa Kanya, at sila lamang ang tatakas mula sa impluwensya ng kadiliman. Yaong mga hindi napalaya, na laging kontrolado ng ilang bagay, at hindi magawang ibigay ang kanilang puso sa Diyos ay mga taong nasa ilalim ng pagkaalipin kay Satanas na nabubuhay na may nagbabadyang kamatayan. Yaong mga hindi tapat sa kanilang sariling mga tungkulin, hindi tapat sa tagubilin ng Diyos, at hindi nagagampanan ang kanilang mga tungkulin sa iglesia ay mga taong nabubuhay sa ilalim ng impluwensya ng kadiliman. Yaong mga sadyang gumagambala sa buhay-iglesia, na sadyang nagpapasimula ng alitan sa pagitan ng kanilang mga kapatid, o bumubuo ng maliliit na grupo ay mga taong nabubuhay sa mas malalim na impluwensya ng kadiliman, sa pagkaalipin kay Satanas. Yaong mga hindi normal ang kaugnayan sa Diyos, na laging may maluluhong pagnanasa, na laging nais na manamantala, at hindi kailanman naghahangad na baguhin ang kanilang mga disposisyon ay mga taong nabubuhay sa ilalim ng impluwensya ng kadiliman. Yaong mga laging walang-ingat at hindi seryoso sa kanilang pagsasagawa ng katotohanan, at hindi naghahangad na tugunan ang kalooban ng Diyos, sa halip ay naghahangad lamang na bigyang kasiyahan ang sarili nilang laman, ay mga tao ring nabubuhay sa ilalim ng impluwensya ng kadiliman, na nalalambungan ng kamatayan. Yaong mga gumagawa ng kabuktutan at panlilinlang kapag gumagawa para sa Diyos, na padalus-dalos sa pakikitungo sa Diyos, na dinadaya ang Diyos, at laging nagpaplano para sa kanilang sarili ay mga taong

nabubuhay sa ilalim ng impluwensya ng kadiliman. Lahat niyaong hindi kayang taos-pusong magmahal sa Diyos, na hindi naghahangad na matamo ang katotohanan, at hindi tumutuon sa pagbabago ng kanilang mga disposisyon ay mga taong nabubuhay sa ilalim ng impluwensya ng kadiliman.

Kung nais mong mapuri ng Diyos, kailangan mo munang tumakas mula sa madilim na impluwensya ni Satanas, buksan ang iyong puso sa Diyos at ibaling ito sa Kanya nang lubusan. Pupurihin ba ng Diyos ang mga bagay na ginagawa mo ngayon? Naibaling mo na ba ang puso mo sa Diyos? Ang mga nagawa mo ba ay mga bagay na hinihingi sa iyo ng Diyos? Naaayon ba ang mga iyon sa katotohanan? Suriin mo ang iyong sarili sa lahat ng oras at tumutok sa pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos; ilatag mo ang nilalaman ng puso mo sa Kanyang harapan, mahalin mo Siya nang tapat, at matapat mong gugulin ang iyong sarili para sa Diyos. Ang mga taong gumagawa nito ay tiyak na tatanggap ng papuri ng Diyos.

Lahat niyaong naniniwala sa Diyos, subalit hindi naghahangad na matamo ang katotohanan, ay walang paraan upang makatakas mula sa impluwensya ni Satanas. Lahat niyaong hindi nabubuhay nang may katapatan, na maganda ang asal sa harap ng iba ngunit iba ang asal pagtalikod nila, na nagpapakita ng pagpapakumbaba, pasensya, at pagmamahal bagama’t ang diwa nila ay mapanira, tuso, at hindi tapat sa Diyos—ang gayong mga tao ay tipikal na mga kinatawan niyaong mga nabubuhay sa ilalim ng impluwensya ng kadiliman; sila ang mga kauri ng ahas. Yaong mga naniniwala lamang sa Diyos para sa sarili nilang pakinabang, mapagmagaling at mayabang, mapagpasikat, at pinoprotektahan ang sarili nilang katayuan ay mga taong nagmamahal kay Satanas at kumokontra sa katotohanan. Ang mga taong ito ay lumalaban sa Diyos at lubos na nabibilang kay Satanas. Yaong mga hindi pumapansin sa mga pasanin ng Diyos, na hindi naglilingkod sa Diyos nang buong-puso, na laging inaalala ang sarili nilang mga interes at ang interes ng kanilang pamilya, na hindi magawang iwanan ang lahat upang gugulin ang kanilang

sarili para sa Diyos, at na hindi kailanman namumuhay ayon sa Kanyang mga salita ay mga taong hindi sakop ng Kanyang mga salita. Ang ganitong mga tao ay hindi maaaring tumanggap ng papuri ng Diyos.

Nang likhain ng Diyos ang mga tao, ito ay upang matamasa nila ang Kanyang kasaganaan at tunay Siyang mahalin; sa ganitong paraan, mabubuhay ang mga tao sa Kanyang liwanag. Ngayon, tungkol naman sa lahat niyaong hindi kayang mahalin ang Diyos, hindi pinapansin ang Kanyang mga pasanin, hindi magawang ibigay nang lubusan ang kanilang puso sa Kanya, hindi magawang umayon sa Kanyang puso, at hindi kayang dalhin na parang kanila ang Kanyang mga pasanin—ang liwanag ng Diyos ay hindi sumisikat sa gayong mga tao, samakatuwid ay nabubuhay silang lahat sa ilalim ng impluwensya ng kadiliman. Sila ay nasa landas na lubhang salungat sa kalooban ng Diyos, at walang bahid ng katotohanan ang anumang kanilang ginagawa. Nakalublob sila sa burak na kasama ni Satanas; sila ay mga taong nabubuhay sa ilalim ng impluwensya ng kadiliman. Kung madalas kang makakakain at makakainom ng mga salita ng Diyos at makakasunod sa Kanyang kalooban at maisasagawa ang Kanyang mga salita, nabibilang ka sa Diyos, at ikaw ay isang taong namumuhay ayon sa Kanyang mga salita. Handa ka bang tumakas mula sa sakop ni Satanas at mabuhay sa liwanag ng Diyos? Kung namumuhay ka ayon sa mga salita ng Diyos, magkakaroon ng pagkakataon ang Banal na Espiritu na gampanan ang Kanyang gawain; kung nabubuhay ka sa ilalim ng impluwensya ni Satanas, hindi mo mabibigyan ng gayong pagkakataon ang Banal na Espiritu. Ang gawaing ginagampanan ng Banal na Espiritu sa mga tao, ang liwanag na Kanyang pinasisikat sa kanila, ang tiwalang ibinibigay Niya sa kanila ay tumatagal lamang nang isang saglit; kung ang mga tao ay hindi maingat at hindi nag-uukol ng pansin, lalampasan sila ng gawain ng Banal na Espiritu. Kung namumuhay ang mga tao ayon sa mga salita ng Diyos, sasakanila ang Banal na Espiritu at gagawaan sila. Kung ang mga tao ay hindi namumuhay ayon sa mga salita ng Diyos, nabubuhay sila sa mga gapos ni Satanas. Kung nabubuhay ang mga tao na may mga tiwaling disposisyon,

wala sa kanila ang presensya o gawain ng Banal na Espiritu. Kung namumuhay ka ayon sa mga salita ng Diyos, at kung nabubuhay ka sa kalagayang hinihingi ng Diyos, nabibilang ka sa Kanya, at gagawaan ka Niya; kung hindi ka namumuhay ayon sa mga hinihingi ng Diyos, kundi sa halip ay nabubuhay ka sa ilalim ng sakop ni Satanas, tiyak na namumuhay ka ayon sa katiwalian ni Satanas. Kapag namuhay ka ayon sa mga salita ng Diyos at ibinigay mo ang iyong puso sa Kanya, saka mo lamang matutugunan ang Kanyang mga hinihingi; kailangan mong gawin ang sinasabi ng Diyos, gawing pundasyon ng iyong pag-iral at realidad ng iyong buhay ang Kanyang mga pahayag; saka ka lamang mapapabilang sa Diyos. Kung talagang namumuhay ka alinsunod sa kalooban ng Diyos, gagawaan ka ng Diyos at sa gayon ay mabubuhay ka sa ilalim ng Kanyang mga pagpapala, sa liwanag ng Kanyang mukha; mauunawaan mo ang gawaing ginagampanan ng Banal na Espiritu at madarama ang kagalakan ng presensya ng Diyos.

Para matakasan ang impluwensya ng kadiliman, kailangan ka munang maging matapat sa Diyos at magkaroon ng pananabik sa puso mo na hangaring matamo ang katotohanan; saka ka lamang magkakaroon ng tamang kalagayan. Kailangan ka munang mamuhay sa tamang kalagayan para matakasan mo ang impluwensya ng kadiliman. Ang hindi pagkakaroon ng tamang kalagayan ay hindi pagiging matapat sa Diyos, at hindi pagkakaroon ng pananabik sa puso na hanapin ang katotohanan; at huwag nang pag-usapan pa ang pagtakas mula sa impluwensya ng kadiliman. Ang Aking mga salita ang batayan ng pagtakas ng tao mula sa mga impluwensya ng kadiliman, at ang mga taong hindi makapamuhay alinsunod sa Aking mga salita ay hindi magagawang takasan ang mga gapos ng impluwensya ng kadiliman. Ang mabuhay sa tamang kalagayan ay ang mabuhay sa ilalim ng patnubay ng mga salita ng Diyos, ang mabuhay sa kalagayan ng pagiging matapat sa Diyos, ang mabuhay sa kalagayan ng paghahanap sa katotohanan, ang mabuhay sa realidad ng taos na paggugol ng sarili para sa Diyos, at ang mabuhay sa kalagayan ng tunay na pagmamahal sa Diyos. Yaong mga nabubuhay sa ganitong mga

kalagayan at ayon sa realidad na ito ay unti-unting magbabago habang pumapasok sila sa kailaliman ng katotohanan, at magbabago sila habang mas lumalalim ang gawain; at sa huli, tiyak na magiging mga tao sila na nakamit ng Diyos at nagmamahal sa Diyos nang tunay. Yaong mga nakatakas mula sa impluwensya ng kadiliman ay unti-unting matitiyak ang kalooban ng Diyos at unti-unting mauunawaan iyon, at kalaunan ay magiging mga pinagkakatiwalaan ng Diyos. Hindi lamang sila hindi nagkikimkim ng mga maling pagkaintindi tungkol sa Diyos at hindi naghihimagsik laban sa Kanya, kundi mas lalo rin nilang kinamumuhian yaong mga dati nilang pagkaintindi at paghihimagsik, at nagkakaroon sila ng tunay na pagmamahal sa Diyos sa kanilang puso. Ang mga taong hindi magawang tumakas mula sa impluwensya ng kadiliman ay pawang lubos na abala sa tawag ng laman at puno ng paghihimagsik; ang kanilang puso ay puno ng mga pagkaintindi at pilosopiya ng tao para sa pamumuhay, pati na ng kanilang sariling mga hangarin at pangangatwiran. Ang hinihingi ng Diyos sa tao ay ang tanging pagmamahal nila; hinihiling Niya na maging abala ang tao sa Kanyang mga salita at magkaroon ng pusong puno ng pagmamahal para sa Kanya. Ang mamuhay ayon sa mga salita ng Diyos, saliksikin ang Kanyang mga salita para sa yaong dapat nilang hanapin, mahalin ang Diyos dahil sa Kanyang mga salita, kumilos para sa Kanyang mga salita, mabuhay para sa Kanyang mga salita—ito ang mga mithiing dapat pagsikapang makamtan ng tao. Lahat ay kailangang maitatag sa mga salita ng Diyos; saka lamang magagawang tugunan ng tao ang mga hinihingi ng Diyos. Kung ang tao ay hindi nasasangkapan ng mga salita ng Diyos, isa lamang siyang uod na nalulukuban ni Satanas! Timbangin mo ito: Gaano karaming salita ng Diyos ang nag-ugat na sa iyong kalooban? Aling mga bagay ang ipinamumuhay mo alinsunod sa Kanyang mga salita? Aling mga bagay ang hindi mo naipamumuhay alinsunod sa mga ito? Kung hindi ka pa lubos na napuno ng mga salita ng Diyos, ano ba talaga ang laman ng iyong puso? Sa iyong pang-araw-araw na buhay, kinokontrol ka ba ni Satanas, o puno ka ba ng mga salita ng Diyos? Ang Kanya bang mga salita ang pundasyon ng iyong mga dalangin? Nakalabas ka na ba mula sa

iyong negatibong kalagayan sa tulong ng kaliwanagang dulot ng mga salita ng Diyos? Ang gawing pundasyon ng iyong buhay ang mga salita ng Diyos—ito ang dapat pasukin ng lahat. Kung wala ang Kanyang mga salita sa iyong buhay, nabubuhay ka sa ilalim ng impluwensya ng kadiliman, naghihimagsik ka laban sa Diyos, nilalabanan mo Siya, at inilalagay mo sa kahihiyan ang Kanyang pangalan. Ang paniniwala sa Diyos ng gayong mga tao ay puro kalokohan at panggugulo lamang. Gaano kalaking bahagi ng iyong buhay ang naipamuhay mo alinsunod sa Kanyang mga salita? Gaano kalaking bahagi ng iyong buhay ang hindi mo naipamuhay alinsunod sa Kanyang mga salita? Gaano kalaking bahagi ng hinihingi sa iyo ng salita ng Diyos ang natupad na sa iyo? Gaano kalaki ang nawala sa iyo? Nasuri mo na ba nang husto ang mga bagay na ito?

Ang pagtakas mula sa impluwensya ng kadiliman ay nangangailangan ng gawain ng Banal na Espiritu at ng tapat na pakikipagtulungan ng tao. Bakit Ko sinasabi na wala sa tamang landas ang tao? Ang mga taong nasa tamang landas ay makakayang ibigay muna ang kanilang puso sa Diyos. Ito ay isang gawaing nangangailangan ng napakahabang panahon upang mapasok, sapagkat nakasanayan na ng sangkatauhan na mabuhay sa ilalim ng impluwensya ng kadiliman, at nasa ilalim na ng pagkaalipin kay Satanas sa loob ng libu-libong taon. Samakatuwid, ang pagpasok na ito ay hindi magagawa sa loob lamang ng isa o dalawang araw. Binanggit Ko ang bagay na ito ngayon upang maunawaan ng mga tao ang sarili nilang kalagayan; sa sandaling mahiwatigan na ng tao kung ano ang impluwensya ng kadiliman at kung ano ang ibig sabihin ng mabuhay sa liwanag, magiging mas madali na ang pagpasok. Ito ay dahil kailangan mong malaman kung ano ang impluwensya ni Satanas bago ka makatakas mula rito; pagkatapos niyon, saka ka lamang magkakaroon ng paraan para maiwaksi iyon. Tungkol naman sa kung ano ang gagawin pagkatapos, problema na iyan ng tao. Pumasok ka sa lahat mula sa isang positibong aspeto, at huwag kang basta maghintay nang balintiyak. Sa ganitong paraan ka lamang makakamit ng Diyos.

mula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang pinakaunang sangkatauhan ay nasa mga kamay ng Diyos, ngunit dahil sa panunukso at pagtiwali ni Satanas, ang tao ay naigapos ni Satanas at nahulog sa mga kamay ng masama. Kaya, si Satanas ay naging ang layon na tatalunin sa gawain ng pamamahala ng Diyos. Sapagkat ang tao ay inangkin ni Satanas, at dahil ang tao ang puhunan na ginagamit ng Diyos upang isakatuparan ang buong pamamahala, kung ililigtas ang tao, kung gayon ay kailangang maagaw siya mula sa mga kamay ni Satanas, ibig sabihin na ang tao ay kailangang mabawi pagkatapos ng pagkabihag ni Satanas. Sa gayon, kailangang matalo si Satanas sa pamamagitan ng mga pagbabago sa dating disposisyon ng tao, mga pagbabagong magpapanumbalik sa orihinal na katinuan at katwiran ng tao. Sa ganitong paraan, ang tao, na nabihag, ay maaagaw pang muli mula sa mga kamay ni Satanas. Kung napapalaya ang tao mula sa impluwensya at pagkagapos ni Satanas, sa gayon ay mapapahiya si Satanas, ang tao sa kahuli-hulihan ay mababawi, at si Satanas ay magagapi. At dahil ang tao ay napalaya mula sa madilim na impluwensya ni Satanas, ang tao ang magiging samsam ng kabuoang labanang ito, at si Satanas ay magiging ang layon na parurusahan sa sandaling natapos ang labanan, kung saan pagkatapos nito ang kabuuang gawain ng pagliligtas sa sangkatauhan ay makukumpleto na.

Hinango mula sa “Pagpapanumbalik ng Normal na Buhay ng Tao at Pagdadala sa Kanya sa Isang Kamangha-manghang Hantungan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang laman ng tao ay kay Satanas, ito ay puno ng mga masuwaying disposisyon, nakakahiya ang karumihan nito, at ito ay isang bagay na hindi malinis. Masyadong nag-iimbot ang mga tao sa kasiyahan ng laman at napakaraming pagpapakita ng laman; ito ang dahilan kaya medyo kinasusuklaman ng Diyos ang laman ng tao. Kapag itinakwil ng mga tao ang marumi at tiwaling mga bagay ni Satanas, nakakamit nila ang pagliligtas ng Diyos. Ngunit kung hindi pa rin nila inaalis sa kanilang sarili ang karumihan at katiwalian, nabubuhay pa rin sila sa ilalim ng sakop ni Satanas. Ang pakikipagsabwatan, panlilinlang, at kabuktutan ng mga tao

ay pawang mga bagay ni Satanas. Ang pagliligtas sa iyo ng Diyos ay upang palayain ka mula sa mga bagay na ito ni Satanas. Ang gawain ng Diyos ay hindi maaaring magkamali; lahat ay ginagawa upang iligtas ang mga tao mula sa kadiliman. Kung medyo naniwala ka na at magagawa mong alisin sa iyong sarili ang katiwalian ng laman, at hindi na nababalot ng katiwaliang ito, hindi ba naligtas ka na? Kung nabubuhay ka sa ilalim ng sakop ni Satanas wala kang kakayahang maipahayag ang Diyos, ikaw ay marumi, at hindi mo matatanggap ang pamana ng Diyos. Kapag nalinis at nagawa ka nang perpekto, ikaw ay magiging banal, magiging isa kang normal na tao, at pagpapalain ka ng Diyos at magiging kalugud-lugod ka sa Kanya.

Hinango mula sa “Pagsasagawa (2)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang tao ay nabubuhay sa gitna ng laman, na nangangahulugang nabubuhay siya sa isang pantaong impiyerno, at kung wala ang paghatol at pagkastigo ng Diyos, ang tao ay kasingdumi ni Satanas. Paano magiging banal ang tao? Naniwala si Pedro na ang pagkastigo at paghatol ng Diyos ang pinakamabuting proteksiyon at pinakadakilang biyaya sa tao. Sa pamamagitan lamang ng pagkastigo at paghatol ng Diyos magigising ang tao at kapopootan ang laman, kamumuhian si Satanas. Ang mahigpit na pagdisiplina ng Diyos ay nagpapalaya sa tao mula sa impluwensya ni Satanas, nagpapalaya sa kanya mula sa kanyang sariling maliit na mundo, at nagtutulot sa kanyang mamuhay sa liwanag ng presensya ng Diyos. Wala nang higit na mabuting pagliligtas kaysa sa pagkastigo at paghatol! Nanalangin si Pedro, “O Diyos! Hangga’t kinakastigo Mo at hinahatulan ako, malalaman ko na hindi Mo ako iniwan. Kahit na hindi Mo ako binibigyan ng kagalakan o kapayapaan, at ginagawa akong mamuhay nang may pagdurusa, at pinagpapasan ako ng hindi-mabilang na mga pagtutuwid, hangga’t hindi Mo ako iniiwan, ang puso ko ay magiging panatag. Ngayon, ang Iyong pagkastigo at paghatol ay naging pinakamabuting proteksiyon ko at pinakadakilang pagpapala. Ang ibinibigay Mong biyaya sa akin ay nag-iingat sa akin. Ang biyaya na Iyong

ipinagkakaloob sa akin ngayon ay pagpapahayag ng Iyong matuwid na disposisyon, at pagkastigo at paghatol; bukod diyan, ito ay isang pagsubok, at, higit pa riyan, ito ay isang buhay ng pagdurusa." Nakayang isantabi ni Pedro ang mga kasiyahan ng laman at hanapin ang isang mas malalim na pag-ibig at higit na pag-iingat, dahil marami siyang nakamtang biyaya mula sa pagkastigo at paghatol ng Diyos. Sa kanyang buhay, kung nais ng tao na malinis at makamtan ang mga pagbabago sa kanyang disposisyon, kung nais niya na isabuhay ang isang makabuluhang buhay, at tuparin ang kanyang tungkulin bilang isang nilalang, kung gayon dapat niyang tanggapin ang pagkastigo at paghatol ng Diyos, at hindi dapat hayaan ang pagdisiplina ng Diyos at pagpalo ng Diyos na lumisan mula sa kanya, upang maaari niyang mapalaya ang kanyang sarili mula sa pagmamanipula at impluwensya ni Satanas, at mamuhay sa liwanag ng Diyos. Kilalanin mo na ang pagkastigo at paghatol ng Diyos ay ang liwanag, at ang liwanag ng kaligtasan ng tao, at na walang higit na mabuting pagpapala, biyaya o pag-iingat para sa tao. Ang tao ay nabubuhay sa ilalim ng impluwensya ni Satanas, at umiiral sa laman; kung hindi siya nalilinis at hindi nakatatanggap ng pag-iingat ng Diyos, kung gayon ang tao ay lalo kailanmang magiging higit na masama. Kung nais niyang ibigin ang Diyos, kung gayon dapat siyang malinis at maligtas. Nanalangin si Pedro, "Diyos ko, kapag pinakikitunguhan Mo ako nang may-kabaitan ako ay nalulugod, at nagiginhawahan; kapag kinakastigo Mo ako, nakadarama ako ng higit pang kaginhawahan at kagalakan. Bagaman ako ay mahina, at nagbabata ng di-mabigkas na pagdurusa, bagaman mayroong mga luha at kalungkutan, batid Mo na ang kalungkutang ito ay dahil sa aking pagkamasuwayin, at dahil sa aking kahinaan. Tumatangis ako dahil hindi ko natutugunan ang Iyong mga ninanasa, nalulungkot ako at nanghihinayang dahil hindi ako sapat para sa Iyong mga kailangan, ngunit handa akong abutin ang kinasasaklawang ito, handa akong gawin ang lahat ng kaya ko upang Ikaw ay aking mapasaya. Ang Iyong pagkastigo ay nagdulot sa akin ng pag-iingat, at nakapagbigay sa akin ng pinakamabuting kaligtasan; ang Iyong paghatol ay nagkukubli ng Iyong

pagpaparaya at pagtitiis. Kung wala ang Iyong pagkastigo at paghatol, hindi ko matatamasa ang Iyong awa at kagandahang-loob. Ngayon, lalo kong nakikita na ang Iyong pag-ibig ay nakalampas sa mga kalangitan at hinigitan ang lahat ng iba pang bagay. Ang Iyong pag-ibig ay hindi lamang awa at kagandahang-loob; higit pa riyan, ito ay pagkastigo at paghatol. Ang Iyong pagkastigo at paghatol ay nagbigay ng napakarami sa akin. Kung wala ang Iyong pagkastigo at paghatol, walang isa mang taong malilinis, at walang isa mang taong makararanas ng pag-ibig ng Lumikha. Bagaman nakapagtiis ako ng daan-daang mga pagsubok at kapighatian, at nakaranas pang mabingit sa kamatayan, natulutan ako ng mga ito na tunay Kang makilala at magtamo ng pinakamataas na kaligtasan. Kung ang Iyong pagkastigo, paghatol at pagdisiplina ay lilisan mula sa akin, kung gayon ay mabubuhay ako sa kadiliman, sa ilalim ng sakop ni Satanas. Ano nga ba ang mga pakinabang ng laman ng tao? Kung ang Iyong pagkastigo at paghatol ay aalis sa akin, ito ay waring ang Iyong Espiritu ay nagtakwil sa akin, na waring Ikaw ay hindi ko na kasama. Kung magkagayon nga, paano ako magpapatuloy na mabuhay? Kung binibigyan Mo ako ng karamdaman, at kukunin ang aking kalayaan, maaari pa rin akong patuloy na mabuhay, ngunit kung sakaling lilisanin ako ng Iyong pagkastigo at paghatol, mawawalan na ako ng daan upang patuloy na mabuhay. Kung wala ang Iyong pagkastigo at paghatol sa akin, mawawala na sa akin ang Iyong pag-ibig, isang pag-ibig na lubhang malalim upang aking masabi. Kung wala ang Iyong pag-ibig, ako ay mabubuhay sa ilalim ng sakop ni Satanas, at hindi na makikita ang Iyong maluwalhating mukha. Paano ako makakapagpatuloy na mabuhay? Ang gayong kadiliman, ang gayong buhay, ay hindi ko kayang mabata. Ang makasama Kita ay tulad ng namamasdan Kita, kaya paano Kita maiiwan? Nagmamakaawa ako sa Iyo, nakikiusap ako sa Iyo na huwag kunin ang aking pinakadakilang kaaliwan mula sa akin, kahit na ito ay ilang salita lamang na nagbibigay-katiyakan. Natamasa ko ang Iyong pag-ibig, at ngayon ay hindi ko kayang malayo sa Iyo; paano na hindi Kita maiibig? Marami akong itinangis na mga luha ng kalungkutan dahil sa Iyong pag-ibig, subali’t lagi kong nararamdaman na

ang isang buhay na gaya nito ay higit na makahulugan, higit akong napagyayaman, higit akong nababago, at higit akong tinutulutang makamit ang katotohanang taglay dapat ng mga nilalang.”

Hinango mula sa “Ang mga Karanasan ni Pedro: Ang Kanyang Kaalaman sa Pagkastigo at Paghatol” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang buong buhay ng tao ay nasa ilalim ng sakop ni Satanas, at wala ni isang tao ang kayang mag-isang palayain ang kanyang sarili mula sa impluwensiya ni Satanas. Lahat ay nabubuhay sa isang maruming sanlibutan, sa katiwalian at kahungkagan, wala ni katiting mang kahulugan o kahalagahan, namumuhay sila ng gayong walang-pananagutang buhay para sa laman, para sa pagnanasa, at para kay Satanas. Walang kahit katiting mang halaga sa kanilang pag-iral. Hindi kaya ng tao na hanapin ang katotohanang magpapalaya sa kanya mula sa impluwensya ni Satanas. Kahit na naniniwala ang tao sa Diyos at nagbabasa ng Biblia, hindi niya nauunawaan kung paano siya makalalaya mula sa pagpipigil ng impluwensya ni Satanas. Sa mga nakalipas na mga kapanahunan, iilang tao lang ang nakatuklas ng lihim na ito, iilan lang ang nakaunawa rito. Sa gayon, bagaman kinamumuhian ng tao si Satanas, at kinamumuhian ang laman, hindi niya alam kung paano alisin sa sarili niya ang bumibitag na impluwensya ni Satanas. Ngayon, hindi ba’t nasa ilalim pa rin kayo ng sakop ni Satanas? Hindi ninyo pinagsisisihan ang inyong mga ginawang pagsuway, at lalong hindi ninyo nararamdaman na kayo ay marumi at hindi masunurin. Pagkatapos na salungatin ang Diyos, mayroon pa rin kayong kapayapaan ng isipan at nakadarama ng lubhang katahimikan. Ang katahimikan mo ba ay hindi dahil sa ikaw ay tiwali? Ang kapayapaan bang ito ng iyong isipan ay hindi nagbubuhat sa iyong pagkamasuwayin? Ang tao ay nabubuhay sa isang pantaong impiyerno, nabubuhay siya sa madilim na impluwensya ni Satanas; sa buong lupa, ang mga multo ay naninirahan kasama ng tao, nanghihimasok sa laman ng tao. Sa lupa, hindi ka nabubuhay sa isang magandang paraiso. Ang dako na kinaroroonan mo ay ang kinasasaklawan ng diyablo, isang pantaong impiyerno, isang

daigdig ng mga patay. Kung ang tao ay hindi nalilinis, siya ay sa karumihan; kung hindi siya iniingatan at kinakalinga ng Diyos, kung gayon siya ay nananatili pang bihag ni Satanas; kung hindi siya hinahatulan at kinakastigo, kung gayon hindi siya magkakaroon ng daan upang makalaya sa pang-aalipin ng madilim na impluwensya ni Satanas. Ang tiwaling disposisyon na iyong ipinakikita at masuwaying pag-uugali na iyong isinasabuhay ay sapat upang patunayang ikaw ay namumuhay pa rin sa ilalim ng sakop ni Satanas. Kung ang iyong isipan at mga iniisip ay hindi nalinis, at ang iyong disposisyon ay hindi pa nahatulan at nakastigo, kung gayon ang iyong kabuuan ay pigil pa rin ng sakop ni Satanas, ang iyong isipan ay pigil ni Satanas, ang iyong mga iniisip ay pinaiikot ni Satanas, at ang lahat sa iyo ay kontrolado ng mga kamay ni Satanas. Alam mo ba kung gaano ka pa kalayo, ngayon, mula sa mga pamantayan ni Pedro? Taglay mo ba ang kakayahang iyon? Gaano karami ang iyong nalalaman sa pagkastigo at paghatol sa ngayon? Gaano karami ang iyong taglay sa mga naging kaalaman ni Pedro? Kung, sa ngayon, ay hindi mo kayang malaman, maaari mo bang matamo ang kaalamang ito sa hinaharap? Ang isang tamad at duwag na gaya mo ay hindi talaga kayang malaman ang pagkastigo at paghatol. Kung iyong hahabulin ang kapayapaan ng laman, at ang mga kasiyahan ng laman, kung gayon hindi ka magkakaroon ng daan upang malinis, at sa katapusan ay ibabalik ka kay Satanas, sapagkat ang iyong isinasabuhay ay si Satanas, at ito ang laman. Sa katayuan ng mga bagay-bagay ngayon, maraming tao ang hindi hinahangad ang buhay, ibig sabihin ay hindi nila inaalintana ang pagiging nalinis, o tungkol sa pagpasok sa mas malalim na karanasan sa buhay. Kung gayon ay paano sila magagawang perpekto? Yaong mga hindi hinahangad ang buhay ay walang pagkakataong magawang perpekto, at yaong mga hindi naghahabol ng kaalaman sa Diyos, hindi nagsisikap na magtamo ng mga pagbabago sa kanilang disposisyon, ay hindi kayang makatakas mula sa madilim na impluwensya ni Satanas. Hindi sila seryoso sa kanilang kaalaman sa Diyos at sa kanilang pagpasok sa mga pagbabago sa kanilang disposisyon, katulad ng mga naniniwala sa relihiyon, at

sumusunod lamang sa ritwal at dumadalo sa mga regular na serbisyo. Hindi ba't pagsasayang lamang iyan ng panahon? Kung, sa paniniwala ng tao sa Diyos, siya ay hindi taimtim tungkol sa mga bagay-bagay ng buhay, hindi hinahabol ang pagpasok sa katotohanan, hindi naghahabol ng mga pagbabago sa kanyang disposisyon, at lalong hindi naghahabol ng isang kaalaman sa gawain ng Diyos, kung gayon hindi siya magagawang perpekto. Kung gusto mo na magawang perpekto, kung gayon ay dapat mong maunawaan ang gawain ng Diyos. Sa partikular, dapat mong maunawaan ang kahalagahan ng Kanyang pagkastigo at paghatol, at bakit ang gawaing ito ay isinasagawa sa tao. Kaya mo bang tanggapin? Sa panahon ng ganitong uri ng pagkastigo, kaya mo bang makamit ang mga karanasan at kaalaman na kapareho ng kay Pedro? Kung ikaw ay naghahangad ng kaalaman sa Diyos at ng gawain ng Banal na Espiritu, at kung nagsisikap kang magkaroon ng mga pagbabago sa iyong disposisyon, kung gayon mayroon kang pagkakataon na magawang perpekto.

… Kung ikaw ay isang taong naghahangad na magawang perpekto, kung gayon magpapatotoo ka, at sasabihin mo: "Sa hakbang-hakbang na gawaing ito ng Diyos, natanggap ko ang pagkastigo at paghatol ng Diyos, at bagaman nakapagtiis ako ng matinding pagdurusa, nalaman ko kung paano ginagawang perpekto ng Diyos ang tao, nakamit ko ang gawaing ginagawa ng Diyos, nagkaroon ako ng kaalaman sa pagkamatuwid ng Diyos, at ang Kanyang pagkastigo ay nagligtas sa akin. Ang Kanyang matuwid na disposisyon ay dumating sa akin, at nagdala sa akin ng mga pagpapala at biyaya; ang Kanyang paghatol at pagkastigo ang nag-ingat at dumalisay sa akin. Kung hindi ako nakastigo at nahatulan ng Diyos, at kung ang Kanyang masasakit na salita ay hindi dumating sa akin, hindi ko sana makikilala ang Diyos, at ni hindi ako maliligtas. Nakikita ko ngayon: Bilang isang nilalang, hindi lamang tinatamasa ng isang tao ang lahat ng bagay na nilikha ng Lumikha, ngunit, mas mahalaga, na lahat ng nilalang ay dapat magtamasa ng matuwid na disposisyon ng Diyos at ng Kanyang matuwid na paghatol, sapagkat ang disposisyon ng Diyos ay karapat-dapat

sa pagtatamasa ng tao. Bilang isang nilalang na nagawang tiwali ni Satanas, dapat na tamasahin ng isa ang matuwid na disposisyon ng Diyos. Sa Kanyang matuwid na disposisyon ay mayroong pagkastigo at paghatol, at, higit pa rito, mayroong dakilang pag-ibig. Bagaman hindi ko kayang lubos na matamo ang pag-ibig ng Diyos sa ngayon, nagkaroon naman ako ng mabuting kapalaran na makita ito, at dahil dito ako ay pinagpala." Ito ang landas na nilakaran niyaong mga nakakaranas na magawang perpekto at ito ang kaalaman na sinasabi nila. Ang gayong mga tao ay pareho ni Pedro; mayroon silang parehong mga karanasan ni Pedro. Ang gayong mga tao ay yaon ding nakatamo ng buhay, at nagtataglay ng katotohanan. Kapag nararanasan nila hanggang sa katapus-tapusan, sa panahon ng paghatol ng Diyos tiyak na ganap nilang iwawaksi sa kanilang sarili ang impluwensya ni Satanas, at matatamo ng Diyos.

Hinango mula sa "Ang mga Karanasan ni Pedro: Ang Kanyang Kaalaman sa Pagkastigo at Paghatol" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

35. Ang mga Prinsipyo ng Pagtataglay ng Tunay na Pananampalataya

(1) Ang tunay na pananampalataya ay mula sa pagdanas at pag-unawa sa mga salita ng Diyos, at natatayo ito sa kinasasaligan ng pagkaunawa sa katotohanan at pagkaalam sa gawain ng Diyos;

(2) Kinakailangang maging masikap sa pagbabasa ng mga salita ng Diyos; tanggapin at magpasakop sa paghatol at pagkastigo ng Diyos, pati na sa pagtatabas at pagharap Niya; at malaman ang makatuwirang disposisyon ng Diyos;

(3) Kinakailangang tuparin ang itinalagang tungkulin sa iyo; magawang tanggapin at isagawa ang katotohanan, at maging isang matapat na tao; at makapagpasakop sa lahat ng isinasaayos ng Diyos;

(4) Sa lahat ng bagay, manalangin at hanapin ang katotohanan, totohanang makipagniig sa Diyos, at magawang maunawaan ang katotohanan, na nakikita ang mga kilos ng Diyos at na naisasakatuparan ng Kanyang salita ang lahat.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Sa yugtong ito ng gawain ay hinihingi sa atin ang lubusang pananampalataya at pag-ibig. Maaari tayong matisod mula sa pinakamaliit na kapabayaan, dahil ang yugtong ito ng gawain ay iba mula sa lahat ng mga nakaraan: Ang pineperpekto ng Diyos ay ang pananampalataya ng sangkatauhan, na kapwa di-nakikita at di-nahahawakan. Ang ginagawa ng Diyos ay na maging pananampalataya, pag-ibig, at buhay ang mga salita. Dapat makarating ang mga tao sa isang punto kung saan sila ay nakapagtiis na ng daan-daang pagpipino at nagtataglay ng pananampalatayang mas dakila kaysa sa pananampalataya ni Job. Dapat silang magtiis ng di-kapani-paniwalang pagdurusa at ng lahat ng uri ng pagpapahirap nang hindi humihiwalay sa Diyos magpakailanman. Kapag sila ay masunurin hanggang sa kamatayan, at may dakilang pananampalataya sa Diyos, sa gayon ang yugtong ito ng gawain ng Diyos ay tapos na.

Hinango mula sa “Ang Landas … (8)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Habang sumasailalim sa mga pagsubok, normal sa mga tao ang manghina, o maging negatibo ang kalooban, o hindi malinawan ang kalooban ng Diyos o ang landas ng kanilang pagsasagawa. Ngunit ano’t anuman, kailangan mong magkaroon ng pananampalataya sa gawain ng Diyos, at huwag itanggi ang Diyos, gaya ni Job. Bagama’t mahina si Job at isinumpa ang araw ng kanyang sariling pagsilang, hindi niya itinanggi na lahat ng bagay sa buhay ng tao ay ipinagkaloob ni Jehova, at na si Jehova rin ang Siyang babawi sa lahat ng ito. Paano man siya sinubok, pinanatili niya ang pananampalatayang ito. Sa iyong karanasan, anumang pagpipino ang pinagdaraanan mo sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos, ang hinihiling ng Diyos sa sangkatauhan, sa madaling salita, ay ang kanilang pananampalataya at pagmamahal sa Kanya. Ang Kanyang ginagawang perpekto sa pamamagitan ng paggawa sa ganitong paraan ay ang pananampalataya, pagmamahal, at mga hangarin ng mga tao. Ginagawa ng Diyos ang gawain ng pagpeperpekto sa mga tao, at hindi nila ito

nakikita, hindi ito nadarama; sa gayong mga sitwasyon, kinakailangan ang iyong pananampalataya. Kinakailangan ang pananampalataya ng mga tao kapag may isang bagay na hindi nakikita ng mata lamang, at kinakailangan ang iyong pananampalataya kapag hindi mo mapakawalan ang iyong sariling mga pagkaintindi. Kapag hindi malinaw sa iyo ang gawain ng Diyos, ang kinakailangan mong gawin ay manampalataya at manindigan at tumayong saksi. Nang umabot si Job sa puntong ito, nagpakita sa kanya ang Diyos at nangusap sa kanya. Ibig sabihin, sa pananampalataya mo lamang makikita ang Diyos, at kapag mayroon kang pananampalataya gagawin kang perpekto ng Diyos. Kung wala kang pananampalataya, hindi Niya ito magagawa. Ipagkakaloob sa iyo ng Diyos ang anumang inaasam mong makamtan. Kung wala kang pananampalataya, hindi ka magagawang perpekto at hindi mo makikita ang mga kilos ng Diyos, lalo na ang Kanyang pagiging makapangyarihan sa lahat. Kapag nananampalataya kang makikita mo ang Kanyang mga kilos sa iyong praktikal na karanasan, magpapakita sa iyo ang Diyos, at liliwanagan at gagabayan ka Niya sa iyong kalooban. Kung wala ang pananampalatayang iyon, hindi iyan magagawa ng Diyos. Kung nawala na ang pag-asa mo sa Diyos, paano mo mararanasan ang Kanyang gawain? Kung gayon, kapag lamang mayroon kang pananampalataya at hindi ka nagkikimkim ng mga pagdududa sa Diyos, kapag lamang mayroon kang tunay na pananampalataya sa Kanya anuman ang gawin Niya, saka ka Niya liliwanagan at tatanglawan sa iyong mga karanasan, at saka mo pa lamang makikita ang Kanyang mga kilos. Nakakamtan ang lahat ng ito sa pamamagitan ng pananampalataya. Nakakamtan lamang ang pananampalataya sa pamamagitan ng pagpipino, at kapag walang pagpipino, hindi magkakaroon ng pananampalataya. Ano ang tinutukoy ng salitang “pananampalataya”? Ang pananampalataya ay ang tunay na paniniwala at tapat na pusong dapat taglayin ng mga tao kapag hindi nila nakikita o nahahawakan ang isang bagay, kapag ang gawain ng Diyos ay hindi naaayon sa mga pagkaintindi ng tao, kapag hindi ito kayang abutin ng tao. Ito ang pananampalatayang binabanggit Ko. Kailangang

manampalataya ang mga tao sa mga panahon ng paghihirap at pagpipino, at ang pananampalataya ay isang bagay na sinusundan ng pagpipino; hindi mapaghihiwalay ang pagpipino at pananampalataya. Paano man gumawa ang Diyos, at anuman ang iyong sitwasyon, nagagawa mong hangarin ang buhay at hanapin ang katotohanan, at hangaring makaalam tungkol sa gawain ng Diyos, at magkaroon ng pag-unawa sa Kanyang mga kilos, at nagagawa mong kumilos alinsunod sa katotohanan. Ang paggawa nito ang kahulugan ng pagkakaroon ng tunay na pananampalataya, at ang paggawa nito ay nagpapakita na hindi ka nawalan ng pananampalataya sa Diyos. Magkakaroon ka lamang ng tunay na pananampalataya sa Diyos kung nagagawa mong piliting hangarin ang katotohanan sa pamamagitan ng pagpipino, kung nagagawa mong tunay na mahalin ang Diyos at hindi ka nagkakaroon ng mga pagdududa tungkol sa Kanya, kung isinasagawa mo pa rin ang katotohanan anuman ang gawin Niya upang mapalugod Siya, at kung nagagawa mong hangarin nang taos-puso ang Kanyang kalooban at isaalang-alang ang Kanyang kalooban. Noong araw, nang sinabi ng Diyos na mamumuno ka bilang isang hari, minahal mo Siya, at nang hayagan Siyang magpakita sa iyo, sinundan mo Siya. Ngunit ngayon nakatago ang Diyos, hindi mo Siya nakikita, at nagkaroon ka ng mga problema—nawawalan ka na ba ng pag-asa sa Diyos? Kaya nga, kailangan mong hangarin ang buhay at hangaring mapalugod ang kalooban ng Diyos sa lahat ng oras. Ang tawag dito ay tunay na pananampalataya, at ito ang pinakatunay at pinakamagandang uri ng pagmamahal.

Noong araw, lahat ng tao ay humaharap sa Diyos para gawin ang kanilang mga pagpapasya, at sinasabing: “Kahit wala nang ibang nagmamahal sa Diyos, kailangan ko Siyang mahalin.” Ngunit ngayon, sumasapit sa iyo ang pagpipino, at dahil hindi ito nakaayon sa iyong mga pagkaintindi, nawawalan ka ng pananampalataya sa Diyos. Tunay na pagmamahal ba ito? Nabasa mo na nang maraming beses ang mga gawa ni Job—nalimutan mo na ba ang mga iyon? Ang tunay na pagmamahal ay nabubuo lamang kapag may pananampalataya. Nagkakaroon ka ng tunay

na pagmamahal para sa Diyos sa pamamagitan ng mga pagpipinong pinagdaraanan mo, at sa pamamagitan ng iyong pananampalataya ay nagagawa mong isaalang-alang ang kalooban ng Diyos sa iyong mga praktikal na karanasan, at sa pamamagitan din ng pananampalataya ay tinatalikdan mo ang iyong sariling laman at hinahangad mo ang buhay; ito ang dapat gawin ng mga tao. Kung gagawin mo ito, makikita mo ang mga kilos ng Diyos, ngunit kung wala kang pananampalataya, hindi mo makikita ang mga kilos ng Diyos o mararanasan ang Kanyang gawain. Kung gusto mong kasangkapanin ka at magawang perpekto ng Diyos, kailangan mong taglayin ang lahat: ang kahandaang magdusa, pananampalataya, pagtitiis, pagsunod, at kakayahang maranasan ang gawain ng Diyos, maunawaan ang Kanyang kalooban, maisaalang-alang ang Kanyang pighati, at iba pa. Hindi madaling gawing perpekto ang isang tao, at bawat isang pagpipinong nararanasan mo ay nangangailangan ng iyong pananampalataya at pagmamahal. Kung gusto mong magawang perpekto ng Diyos, hindi sapat ang magmadali lamang sa landas, ni sapat ang gugulin lamang ang iyong sarili para sa Diyos. Kailangan kang magtaglay ng maraming bagay upang maging isang tao na ginagawang perpekto ng Diyos. Kapag nagdurusa ka, kailangan mong magawang isantabi ang pag-aalala sa laman at huwag magreklamo laban sa Diyos. Kapag itinatago ng Diyos ang Kanyang Sarili mula sa iyo, kailangan mong magkaroon ng pananampalatayang sundan Siya, na mapanatili ang iyong dating pagmamahal nang hindi ito hinahayaang maging marupok o maglaho. Anuman ang gawin ng Diyos, kailangan kang magpasakop sa Kanyang plano at maging handang sumpain ang iyong sariling laman sa halip na magreklamo laban sa Kanya. Kapag nahaharap ka sa mga pagsubok, kailangan mong mapalugod ang Diyos, bagama’t maaaring mapait ang iyong pagluha o nag-aatubili kang mawalay sa anumang bagay na minamahal mo. Ito lamang ang tunay na pagmamahal at pananampalataya. Anuman ang aktuwal mong tayog, kailangan mo munang magkaroon kapwa ng kahandaang dumanas ng paghihirap at ng tunay na pananampalataya, at kailangan ka ring magkaroon ng kahandaang talikdan ang laman. Dapat ay handa kang

magtiis ng personal na mga paghihirap at magdusa ng mga kawalan sa iyong mga personal na interes upang mapalugod ang kalooban ng Diyos. Kailangan mo ring magkaroon ng kakayahang taos na magsisi tungkol sa iyong sarili: Noong araw, hindi mo nagawang mapalugod ang Diyos, at ngayon, maaari kang magsisi sa iyong sarili. Hindi ka dapat magkulang sa anuman sa mga bagay na ito—sa pamamagitan ng mga bagay na ito, gagawin kang perpekto ng Diyos. Kung hindi mo matutugunan ang mga pangangailangang ito, hindi ka magagawang perpekto.

Hinango mula sa “Yaong mga Gagawing Perpekto ay Kailangang Sumailalim sa Pagpipino” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Nang hinampas ni Moises ang bato, at ang tubig na ibinigay ni Jehova ay bumukal, ito ay dahil sa kanyang pananampalataya. Nang tinugtog ni David ang lira sa pagpupuri sa Akin, si Jehova—na ang kanyang puso ay puno ng kagalakan—ito ay dahil sa kanyang pananampalataya. Nang nawala kay Job ang kanyang kawan na pumupuno sa mga bundok at ang di-masukat na kayamanan, at ang kanyang katawan ay napuno ng masasakit na pigsa, ito ay dahil sa kanyang pananampalataya. Kapag naririnig niya ang tinig Ko, si Jehova, at nakikita ang Aking kaluwalhatian, si Jehova, ito ay dahil sa kanyang pananampalataya. Nakasunod si Pedro kay Jesucristo dahil sa kanyang pananampalataya. Naipako siya sa krus alang-alang sa Akin at nakapagbigay ng maluwalhating patotoo dahil din sa kanyang pananampalataya. Nang nakita ni Juan ang maluwalhating larawan ng Anak ng tao, ito ay dahil sa kanyang pananampalataya. Nang nakita niya ang pangitain ng mga huling araw, lalo nang lahat ito ay dahil sa kanyang pananampalataya. Ang dahilan kung bakit ang sinasabing karamihan ng mga bansang Gentil ay nakatamo ng Aking paghahayag, at nakaalam na nakabalik na Ako sa katawang-tao upang gawin ang Aking gawain sa gitna ng tao, ay dahil din sa kanilang pananampalataya. Lahat niyaong hinahampas ng Aking malupit na mga salita nguni’t nabibigyang-aliw ng mga iyon at inililigtas—hindi ba nila nagawa ang gayon dahil sa kanilang pananampalataya? Ang mga tao ay nakatanggap ng napakarami

dahil sa kanilang pananampalataya, at hindi ito palaging pagpapala. Maaaring hindi nila matanggap ang uri ng kaligayahan at kagalakan na nadama ni David, o mapagkalooban ng tubig ni Jehova kagaya ni Moises. Halimbawa, pinagpala ni Jehova si Job dahil sa kanyang pananampalataya, nguni't nagdusa rin siya ng sakuna. Kung ikaw man ay pinagpapala o nagdurusa ng sakuna, kapwa itong mga pinagpalang pangyayari. Kung walang pananampalataya, hindi mo matatanggap ang gawaing panlulupig na ito, lalong hindi mamamasdan ang mga gawa ni Jehova na ipinakikita sa harap mo ngayon. Hindi mo magagawang makakita, at lalong hindi mo magagawang tumanggap. Ang mga hagupit na ito, ang mga kalamidad na ito, at ang lahat ng paghatol—kung hindi sumapit sa iyo ang mga ito, magagawa mo bang makita ang mga gawa ni Jehova ngayon? Ngayon, ang pananampalataya ang nagtutulot sa iyo na malupig, at ang pagiging nalupig ang nagtutulot sa iyo na manalig sa bawa't gawa ni Jehova. Dahil lamang sa pananampalataya kaya ka nakatatanggap ng gayong pagkastigo at paghatol. Sa pamamagitan ng pagkastigo at paghatol na ito, ikaw ay nilulupig at pineperpekto. Kung wala ang uri ng pagkastigo at paghatol na tinatanggap mo ngayon, ang iyong pananampalataya ay mawawalan ng kabuluhan, sapagka't hindi mo makikilala ang Diyos; kahit gaano ka naniniwala sa Kanya, ang iyong pananampalataya ay mananatiling isang hungkag na pagpapahayag na hindi nakasalig sa realidad. Matapos mo lang tanggapin ang gawaing ito ng panlulupig, gawain na gumagawa sa iyo na lubos na masunurin, na ang iyong pananampalataya ay nagiging totoo, at maaasahan, at ang iyong puso ay bumabaling sa Diyos. Kahit na ikaw ay nagdurusa ng matinding paghatol at pagsumpa dahil sa salitang ito, "pananampalataya," ikaw magkagayunman ay may totoong pananampalataya at ikaw ay tumatanggap ng pinakatunay, pinakatotoo, at pinakamahalagang bagay. Ito ay dahil sa pagpapatuloy lamang ng paghatol na nakikita mo ang huling hantungan ng mga nilalang ng Diyos; sa paghatol na ito mo nakikita na ang Lumikha ay dapat ibigin; sa ganitong uri ng gawaing panlulupig mo namamasdan ang bisig ng Diyos; sa panlulupig na ito ka dumarating sa

lubos na pagkaunawa sa buhay ng tao; sa panlulupig na ito mo natatamo ang tamang landas ng buhay ng tao at dumarating sa pagkaunawa sa totoong kahulugan ng “tao”; sa panlulupig na ito mo lang nakikita ang matuwid na disposisyon ng Makapangyarihan sa lahat at ang Kanyang maganda at maluwalhating mukha; sa gawaing panlulupig na ito mo natututunan ang tungkol sa pinagmulan ng tao at nauunawaan ang “walang-kamatayang kasaysayan” ng buong sangkatauhan; sa ganitong panlulupig ka dumarating sa pagkaintindi sa mga ninuno ng sangkatauhan at sa pinagmulan ng katiwalian ng sangkatauhan; sa panlulupig na ito ka nakatatanggap ng kaligayahan at kaginhawahan gayundin ng walang-katapusang pagkastigo, pagdidisiplina, at mga pangaral ng Lumikha sa sangkatauhang Kanyang nilikha; sa gawaing panlulupig na ito ka nakatatanggap ng mga pagpapala, gayundin ng mga sakuna na dapat tanggapin ng tao…. Hindi ba ang lahat ng ito ay dahil sa iyong mumunting pananampalataya? Matapos matamo ang mga bagay na ito, hindi ba lumago ang iyong pananampalataya? Hindi ka ba nakatamo ng napakalaking halaga?

Hinango mula sa “Ang Katotohanang Nakapaloob sa Gawain ng Panlulupig (1)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ano ang nahahayag sa mga may tunay na pananampalataya sa Diyos? Naniniwala sila sa Kanyang mga salita at naisasabuhay ang realidad ng Kanyang mga salita. Naniniwala sila sa pag-iral at katas-taasang kapangyarihan ng Diyos, at hindi lang sila naniniwala sa mga bagay na ito, nagagawa nilang sundin ang tuntuning ito sa kanilang pang-araw-araw na buhay, at patuloy na naghahangad, sumusunod, at naghihintay sa katas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos. Hindi sila nangunguna at ginagawa ang mga bagay sa sarili nilang pamamaraan, hindi sila nakatutok sa pagkuha ng kung ano ang gusto nila, at hindi nila pinagdududahan ang pag-iral at katas-taasang kapangyarihan ng Diyos o magreklamo at gumawa ng maling pag-unawa sa Diyos hangga’t ang kanilang mga hiling ay hindi natutupad ng Diyos. Kapag ang

iyong mga pinaniniwalaan at kinikilalang katotohanan o salita ng Diyos ay maging realidad mo, at ginagabayan nila ang iyong mga saloobin, mga ideya, ang iyong buhay, at ang direksyon ng buong landas ng iyong buhay, nagkakaroon ka ng kakayahan ng tunay na pananampalataya sa Diyos. Kapag mayroon ka lang tunay na pananampalataya na nagmula sa tunay na paniniwala at tunay na pagsunod, saka lang magiging tunay na pananampalataya sa Diyos ang iyong pananampalataya! Ganito nakakakuha ang mga tao ng tunay na pananampalataya.

Hinango mula sa “Tanging ang Pagiging Totoong Masunurin ang Tunay na Paniniwala” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang Makapangyarihang Diyos, ang Pinuno ng lahat ng bagay, ay gumagamit ng Kanyang kapangyarihan bilang hari mula sa Kanyang luklukan. Namumuno Siya sa sansinukob at sa lahat ng bagay, at ginagabayan Niya tayo sa buong daigdig. Magiging malapit tayo sa Kanya sa bawat sandali, at haharap sa Kanya nang tahimik, na hindi nagsasayang kailanman ni isang sandali, at may mga aral tayong dapat matutuhan sa lahat ng oras. Lahat, mula sa kapaligirang nakapalibot sa atin hanggang sa mga tao, pangyayari, at bagay, ay umiiral sa pahintulot ng Kanyang luklukan. Huwag hayaang magkaroon ng hinaing sa inyong puso sa anumang dahilan, kung hindi ay hindi ipagkakaloob sa iyo ng Diyos ang Kanyang biyaya. Kapag dumapo ang karamdaman, ito ay pagmamahal ng Diyos, at tiyak na ang Kanyang mabubuting hangarin ay nakapaloob dito. Bagama’t maaaring medyo nahihirapan ang iyong katawan, huwag kang tumanggap ng mga ideya mula kay Satanas. Purihin ang Diyos sa gitna ng iyong karamdaman at tamasahin ang Diyos sa gitna ng iyong papuri. Huwag mawalan ng pag-asa kapag nagkaroon ka ng karamdaman, patuloy na maghanap at huwag susuko kailanman, at tatanglawan ka ng Diyos ng Kanyang liwanag. Gaano ba ang pananampalataya ni Job? Ang Makapangyarihang Diyos ay isang manggagamot na makapangyarihan sa lahat! Ang manahan sa karamdaman ay ang magkasakit, subalit ang manahan sa espiritu ay ang

gumaling. Hangga't may natitira kang hininga, hindi ka hahayaan ng Diyos na mamatay.

Nasa ating kalooban ang nabuhay na mag-uling buhay ni Cristo. Hindi maikakaila na kulang ang ating pananampalataya sa presensya ng Diyos: Nawa'y pagkalooban tayo ng Diyos ng tunay na pananampalataya sa ating kalooban. Tunay ngang matamis ang salita ng Diyos! Ang salita ng Diyos ay mabisang gamot! Hinihiya nito ang mga diyablo at si Satanas! Ang pag-unawa sa salita ng Diyos ay nagbibigay sa atin ng suporta. Mabilis na kumikilos ang Kanyang salita para iligtas ang ating puso! Iwinawaksi nito ang lahat ng bagay at pinapayapa ang lahat. Ang pananampalataya ay parang isang trosong tulay: Yaong mga nakakapit nang mahigpit sa buhay ay mahihirapang tumawid dito, ngunit yaong mga handang isakripisyo ang kanilang sarili ay makakatawid, nang hindi nahuhulog at walang pangamba. Kung ang tao ay nagkikimkim ng mga mahiyain at matatakuting kaisipan, iyon ay dahil nalinlang sila ni Satanas, natatakot na tatawirin natin ang tulay ng pananampalataya upang makapasok sa Diyos. Sinusubukan ni Satanas ang lahat ng posibleng paraan para ipadala sa atin ang mga ideyang ito. Dapat nating ipanalangin sa Diyos sa bawat sandali na tanglawan tayo ng Kanyang liwanag, umasa sa Diyos sa bawat sandali na alisin ang lason ni Satanas mula sa ating kalooban, magsagawa sa ating espiritu sa bawat sandali kung paano mapalapit sa Diyos, at hayaang magkaroon ang Diyos ng kapamahalaan sa ating buong katauhan.

mula sa "Kabanata 6" ng Mga Pagbigkas ni Cristo sa Pasimula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang mga taong naranasan at napagdaanan ang mga salita ng Diyos ay pinapahalagahan kung ano ang tinutukoy ng bawat isa sa mga ito, kung paano gumagawa ang Diyos sa mga tao, at kung paano natutupad at nagkakatotoo ang mga salita ng Diyos. Natutuhang pahalagahan ng mga taong ito ang mga detalye ng gayong mga bagay sa pamamagitan ng praktikal na karanasan. Alam nila kung paano pinaghaharian at ginagabayan ng Diyos ang tao; alam nga rin nila ang mga detalyadong

bagay kagaya ng kung paano dinidisiplina ng Diyos ang mga tao sa isang itinakdang bagay; kung paano, sa tunay na buhay, pinagkakalooban ng Diyos ang mga tao ng dapat nilang maunawaan sa bawat araw; at kung paano Niya ginagabayan ang mga tao, sa lahat ng mga bagay, upang maranasan ang Kaniyang mga salita at makatamo ng pagkaunawa sa katotohanan at kaalaman ng Diyos. Nakapagsasalita sila tungkol sa mga detalyadong proseso na ito. Wala silang matayog na doktrina o magagandang mga salita, ngunit tunay ang lahat ng kanilang sinasabi, at umaayon sa katotohanan. Ibig sabihin, ang mga salitang iyon na kanilang sinasabi ay natutuhan mula sa karanasan, naranasan mula sa realidad at mula sa kanilang mga buhay, at lahat ng kanilang sinasabi ay tunay, praktikal, at may pinagbatayan; hindi ito batay sa mga walang-saysay na likhang-isip. Kapag tinanong mo ang mga taong ito kung nasaan o sino mismo ang Diyos, hindi ka man nila mabigyan ng lubusang detalyadong paglalarawan, gagamitin nila ang wika ng karanasan upang sabihin sa iyo kung bakit ang Diyos ang katotohanan at kung bakit ang Diyos ang daan. Gagamit sila ng mga katotohanan at ng sarili nilang mga personal na karanasan upang sabihin sa iyo kung ano ang diwa ng Diyos at kung nasaan Siya, at gagamitin nila ang kanilang praktikal na karanasan upang magpatotoo sa mga gawa ng Diyos; upang magpatotoo sa katunayan na ang Diyos ay ang katotohanan, ang daan, at ang buhay; at upang magpatotoo sa kung paano pinaghaharian ng Diyos ang kapalaran ng tao, at kung paano Niya ginagabayan ang mga tao sa kanilang pang araw-araw na pamumuhay, inaakay sila sa ligtas na daanan, nalalampasan ang mga paghihirap sa lahat ng bagay. Hindi ba ito lubos na kapani-paniwala? Ang gayong mga tao ba ay walang pananampalataya sa Diyos? Anong saligan ang kinatatayuan ng kanilang pananampalataya? Nakita na nila sa kanilang mga mata, narinig na ng kanilang mga tainga, nakatagpo na sa kanilang mga katauhan, at naranasan na sa kanilang mga katawan kung ano ang mapukaw ng Diyos, at ng Kanyang patnubay, at kahit pa ng Kanyang pagsaway at pagdidisiplina. Kaya't, naranasan din nila ang kataas-taasang kapangyarihan at pagsasaayos ng Diyos. Naranasan nila

kung paano ginagamit ng Diyos ang Kanyang mga salita upang manghimok, manghikayat, magpaginhawa, at gumabay ng mga tao kapag sila ay mahina. Naranasan nila kung paano dinidisiplina ng Diyos ang mga tao at kung paano Niya sila hinahatulan at kinakastigo kapag sila ay mapaghimagsik laban sa Kaniya, at kung alin sa Kanyang mga salita ang narinig na nila, at kung alin ang kanila nang naranasan. Naranasan na rin nila kung paano, kapag may suliranin na sumasapit sa isang tao, at sila ay natataranta at naguguluhan, hindi alam ang gagawin, humaharap sila sa Diyos upang magdasal at maghanap, at anong uri ng kaliwanagan ang ibinibigay Niya sa kanila, at anong uri ng patnubay at pag-alalay, upang akayin sila sa pagkaunawa sa mga prinsipyo ng pagsasagawa sa ganyang bagay. Hindi ba ang mga ito ang pinaka katangi-tangi sa lahat ng mga bagay na nakamit ng mga tao sa pagdanas ng gawain ng Diyos? Sa mga bagay na ito, magkakaroon ka ng tunay na pananampalataya sa Diyos, at, sa tunay na pananampalataya, tunay kang maniniwala sa Kaniya.

Hinango mula sa “Paano Lulutasin ang Suliranin ng Pagiging Pabaya at Kawalang ng Sigla Habang Gumaganap sa Iyong Tungkulin” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sa sandaling ito, napakasigla ninyong tumutupad ng inyong tungkulin, subalit ang kasiglahan ba ay nangangahulugan kaagad na may tunay kang pananampalataya? Isa ba sa mga sangkap nito ang tunay na pananampalataya? May mga kalagayan bang nakapaloob dito na pabigla-bigla, isang panandaliang bugso ng kasiglahan? Ano ba ang pinakakinatatakutan ng isang pusong may pananampalataya? Ang pinakakinatatakutan nito ay ang pagdating ng realidad; pinakakinatatakutan nito ang kadalisayan. Kaya, anong uri ng kadalisayan ang makapagpapakita na may tunay na pananampalataya ang sinuman? Ano ang dapat mong taglayin na makapagpapakita sa Diyos ng iyong tunay na pananampalataya at makapagpapaasa sa iyo sa pananampalatayang iyon upang mamuhay sa harapan ng Diyos, upang sundin at sundan Siya? Ano ang dapat mong taglayin upang magawa mong magpasakop sa pagsasaayos ng Diyos, nang sa gayon hindi mga paghihirap ang mga ito

para sa iyo, anuman ang gawin Niya, at anumang uri ng paghihirap, kaligaligan o kapighatian ang dumating sa iyo—kahit pa ang mga may kinalaman sa iyong tadhana at mga adhikain—at upang patunayan na nagtataglay ka ng tunay na pananampalataya? Ibig sabihin, kapag sinusubok ka ng Diyos, kapag inilalagay ka Niya sa isang kalagayan, kapag sinusubok ka Niya at dinadalisay, kapag kinukuhanan ka Niya ng mga bagay, at kapag ang ginagawa Niya ay salungat sa iyong mga paniwala, ano ang mga bagay na kaya mong isabuhay at taglayin upang patunayang tunay ang iyong pananampalataya at nagtataglay ka ng tunay na pananampalataya? Kahit man lamang papaano, dapat tunay mong nauunawaan na ang lahat ng usapin at bagay, at ang tadhana ng tao, ay kontrolado ng Diyos sa Kanyang kamay, na sa lahat ng mga iyon naroroon ang Kanyang pagsasaayos at pag-aareglo, at wala sa kamay ng tao ang pagpapasya, ni ang kalkulasyon o pagpaplano. Unawain mo munang lahat ang mga bagay na ito. Isang aspekto ito ng kahayagan ng tunay na pananampalataya sa isang tao. Ano pang ibang mga bagay at katotohanan ang dapat mong taglayin upang patunayan na may tunay kang pananampalataya? (Na makita ang kamay ng Diyos habang sumasailalim sa mga pagsubok at pagdadalisay; na makita na ang lahat ng gawin ng Diyos ay mabuti; at ang lahat ay para sa kapakanan ng pagbabago at pagpapadalisay sa atin. Ang lahat ng ito ay pagliligtas.) Isang bahagi iyon. Basta may kinalaman sa mga tao, ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay upang linisin at mailigtas sila, at naglalaman ang lahat ng ito ng katotohanan, at pinakikinabangan nila. Kaya, naranasan mo na ba ang mga bagay na ito? Sa sandaling ito, medyo may nalalaman ka ba sa mga ito, o naranasan mo na ba ang ilang bahagi nito? Ang lawak ng iyong karanasan ay ang siyang lawak ng pananampalatayang taglay mo. Ang dami ng paghatol, pagkastigo, pagsubok at pagdadalisay na naranasan mo ay magbubunga ng kaukulang dami ng pananampalataya sa iyo. Ang pananampalataya ay bunga ng karanasan. Nakakamit ito sa pamamagitan ng pagkaunawa sa katotohanan, at nagmumula ito sa pagkakilala mo sa Diyos; hindi ito galing sa pag-aaral mo ng teolohiya. Kung ang lumalabas

sa iyong bibig ay kung ano ang narinig mo mula sa ibang tao, hindi mo naman talaga totoong karanasan o tunay na pananampalataya iyon. Dapat mo mismong maranasan ang mga bagay na ito; dapat ikaw mismo ang magtamo ng mga ito, na pinatutunayan na “Gawa ito ng Diyos. Ganoon kamakapangyarihan ang Diyos, at gayon ang mga pagsasaayos at pag-aareglo ng Diyos.” Ito lamang ang sariling mong tunay na tayog, at ang pinagmumulan ng iyong tunay na pananampalataya. Kung hindi pa naabot ng iyong mga karanasan ang antas na ito—kung lahat ng ginagawa mo ay pakikinig lamang sa iba, at iniisip na ang kanilang mga salita ay tama at siyang katotohanan, at tinatanggap mo naman ang anumang marinig mo, basta na lamang tinatanggap ito gayong hindi pa naman ito nakita, o hindi ito napagdaanan—kung gayon, hindi ito ang tunay mong pananampalataya. Maaaring tunay na pananampalataya ito ng ibang tao, ngunit hindi ito sa iyo. Gaano kalayo na ba ang narating ninyo? Nagagawa mong mangaral, at nagagawa mong gamitin ang mga salitang ito at ang tamang doktrina upang suportahan at tulungan ang iba, at magkaloob sa kanila-—ngunit, sa pagkakaloob mo sa kanila, sumagi man lamang ba sa isip mo kung nagawa bang magkaloob ang mga bagay na ito sa iyo? Balang araw, kapag nasagupa mo ang gayon ding mga paghihirap-—gaya halimbawa, katulad ng mga pagsubok na nasagupa ni Job—magagawa mo kayang piliin ang daan ng pagkatakot sa Diyos at paglayo sa kasamaan, gaya ng ginawa ni Job? (Hindi naming magagawa.) Sa sandaling ito, wala kang kakayahang gawin iyon, at isa itong problema. Hindi sapat ang paniniwala lamang sa Diyos nang hindi nararanasan ang Kanyang gawain; walang kakahayan ito na magbunga ng tunay na pananampalataya.

Hinango mula sa “Ano ang Dapat Taglayin upang Makamit ang Tunay na Pananampalataya” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung ang mga tao ay walang anumang tiwala, hindi madali para sa kanila na magpatuloy sa landas na ito. Nakikita ng lahat ngayon na ang gawain ng Diyos ay hindi kaayon ng mga pagkaintindi ng mga tao kahit kaunti. Napakarami nang nagawa ng Diyos at bumigkas na Siya ng

napakaraming salita, na lubos na hindi naaayon sa mga pagkaintindi ng tao. Sa gayon, kailangang magkaroon ang mga tao ng tiwala at determinasyon na maging tapat sa nakita na nila at sa natutuhan na nila mula sa kanilang mga karanasan. Anuman ang gawin ng Diyos sa mga tao, kailangan nilang panindigan ang taglay nila mismo, maging taos sa harap ng Diyos, at manatiling tapat sa Kanya hanggang sa pinakahuli. Ito ang tungkulin ng sangkatauhan. Kailangang panindigan ng mga tao yaong dapat nilang gawin. Kinakailangan sa paniniwala sa Diyos ang pagsunod sa Kanya at pagdanas ng Kanyang gawain. Napakalaki ng nagawa ng Diyos—masasabi na para sa mga tao lahat ng ito ay pagpeperpekto, pagpipino, at bukod pa rito, pagkastigo. Wala pa ni isang hakbang ng gawain ng Diyos na nakaayon sa mga pagkaintindi ng tao; ang natamasa ng mga tao ay ang mababagsik na salita ng Diyos. Kapag pumarito ang Diyos, dapat matamasa ng mga tao ang Kanyang kamahalan at Kanyang poot. Gayunman, gaano man kabagsik ang Kanyang mga salita, pumarito Siya para iligtas at gawing perpekto ang sangkatauhan. Bilang mga nilalang, dapat tuparin ng mga tao ang mga tungkuling dapat nilang tuparin, at tumayong saksi para sa Diyos sa gitna ng pagpipino. Sa bawat pagsubok dapat nilang panindigan ang pagpapatotoong dapat nilang gawin, at gawin iyon nang lubhang matunog para sa Diyos. Ang isang taong gumagawa nito ay isang mananagumpay. Paano ka man pinuhin ng Diyos, nananatili kang puno ng tiwala at hindi nawawalan ng tiwala sa Kanya. Ginagawa mo ang dapat gawin ng tao. Ito ang hinihiling ng Diyos sa tao, at dapat magawa ng puso ng tao na lubos na bumalik at bumaling sa Kanya sa bawat sandaling lumilipas. Ito ay isang mananagumpay. Yaong mga tinutukoy ng Diyos na mga “mananagumpay” ay yaong mga nagagawa pang tumayong saksi at mapanatili ang kanilang tiwala at katapatan sa Diyos kapag nasa ilalim sila ng impluwensya ni Satanas at nilulusob ni Satanas, ibig sabihin, kapag nasa gitna sila ng mga puwersa ng kadiliman. Kung nagagawa mo pa ring magpanatili ng isang dalisay na puso sa harap ng Diyos at ng tunay na pagmamahal para sa Diyos anuman ang mangyari, ikaw ay tumatayong saksi sa harap ng Diyos, at ito

ang tinutukoy ng Diyos na pagiging isang “mananagumpay.”

Hinango mula sa “Dapat Mong Panatilihin ang Iyong Katapatan sa Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

36. Ang mga Prinsipyo ng Pagsunod Kay Cristo

(1) Kinakailangang malaman na tanging si Cristo ng mga huling araw ang makadadalisay at makapagliligtas sa mga tao at Siya ang praktikal na Diyos. Saka lamang maaaring mapawi ang malabong Diyos sa puso ng isang tao;

(2) Kinakailangang tanggapin ang lahat ng katotohanang ipinahayag ni Cristo, isagawa at maranasan ang mga salita ng Diyos, at tuparin ang iyong tungkulin. Sa paggawa lamang nito nagiging isang tagasunod ni Cristo ang isang tao;

(3) Sa pagdaan lamang sa paghatol ng mga salita ni Cristo at pagpapasakop sa lahat ng Kanyang gawain malalaman ng isang tao na si Cristo ang katotohanan, ang daan, at ang buhay;

(4) Kinakailangang ipagpauna sa lahat ng bagay si Cristo sa iyong puso; tanging sa paggawa nito lamang napupuri ng isang tao ang Diyos bilang dakila. Huwag sumamba kaninuman at huwag sumunod sa kaninuman; magpuri at magpatotoo kay Cristo lamang.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang Cristo ng mga huling araw ay gumagamit ng iba’t ibang katotohanan para maturuan ang tao, para ibunyag ang diwa ng tao, at suriin ang kanyang mga salita at gawa. Ang mga salitang ito ay binubuo ng iba’t ibang katotohanan, gaya ng tungkulin ng tao, paano dapat sundin ng tao ang Diyos, paano dapat maging tapat ang tao sa Diyos, paano dapat isabuhay ang normal na pagkatao, gayundin ang karunungan at disposisyon ng Diyos, at iba pa. Ang mga salitang ito ay nakatuon lahat sa diwa ng tao at sa kanyang tiwaling disposisyon. Partikular na, yaong mga salitang naglalantad kung paano tinatanggihan ng tao ang Diyos ay sinasabi patungkol sa kung paano kinakatawan ng tao si Satanas, at

naging puwersa ng kaaway laban sa Diyos. Sa pagsasakatuparan ng Kanyang gawain ng paghatol, hindi lamang basta nililinaw ng Diyos ang likas na pagkatao ng tao sa iilang salita lamang; inilalantad, pinakikitunguhan, at tinatabas Niya nang pangmatagalan. Ang lahat ng ganitong mga pamamaraan ng paglalantad, pakikitungo, at pagpupungos ay hindi maaaring mahalinhan ng mga ordinaryong salita, kundi ng katotohanang hindi man lang taglay ng tao. Ang ganitong klaseng mga pamamaraan lamang ang matatawag na paghatol; sa pamamagitan lamang ng ganitong uri ng paghatol masusupil ang tao at makukumbinsi nang husto tungkol sa Diyos, at bukod pa riyan ay makamtan ang tunay na pagkakilala sa Diyos. Ang idinudulot ng gawain ng paghatol ay ang pagkaunawa ng tao sa tunay na mukha ng Diyos at sa katotohanan tungkol sa kanyang sariling pagkasuwail. Ang gawain ng paghatol ay nagbibigay-daan sa tao na magtamo ng malawak na pagkaunawa sa kalooban ng Diyos, sa layunin ng gawain ng Diyos, at sa mga hiwagang hindi niya maunawaan. Tinutulutan din nito ang tao na makilala at malaman ang kanyang tiwaling diwa at ang mga ugat ng kanyang katiwalian, gayundin para matuklasan ang kapangitan ng tao. Ang mga epektong ito ay bunga lahat ng gawain ng paghatol, sapagkat ang diwa ng gawaing ito ay ang mismong gawain ng pagbubukas ng katotohanan, ng daan, at ng buhay ng Diyos sa lahat ng may pananampalataya sa Kanya. Ang gawaing ito ay ang gawain ng paghatol na ginagawa ng Diyos. Kung hindi mo pinag-uukulan ang mga katotohanang ito ng pagpapahalaga at palaging iniisip ang pag-iwas sa mga ito o paghahanap ng isang bagong daan bukod sa mga ito, kung gayon sinasabi kong lubha kang makasalanan. Kung mayroon kang pananampalataya sa Diyos, nguni’t hindi mo hinahanap ang katotohanan o ang kalooban ng Diyos, ni hindi iniibig ang daan na naglalapit sa iyo sa Diyos, kung gayon sinasabi Kong ikaw ay isa na sinusubukang iwasan ang paghatol, at na isa kang sunud-sunuran at taksil na tumatakas mula sa dakilang puting luklukan. Hindi patatawarin ng Diyos ang sinuman sa mga mapanghimagsik na tumatakas sa ilalim ng Kanyang mga mata. Ang gayong mga tao ay makatatanggap ng lalo pang mas

mabigat na kaparusahan. Silang mga nagsilapit sa harap ng Diyos upang mahatulan, at higit pa ay nadalisay na, ay mananahan magpakailanman sa kaharian ng Diyos. Syempre, ito ay bagay na nabibilang sa hinaharap.

Hinango mula sa “Ginagawa ni Cristo ang Gawain ng Paghatol sa Pamamagitan ng Katotohanan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Naghahatid ng buhay si Cristo ng mga huling araw, at naghahatid ng walang maliw at magpakailanmang daan ng katotohanan. Ang katotohanang ito ang landas kung saan makakamit ng tao ang buhay, at ito lamang ang tanging landas kung saan makikilala ng tao ang Diyos at masasang-ayunan ng Diyos. Kung hindi mo hahanapin ang daan ng buhay na ibinigay ni Cristo ng mga huling araw, kung gayon hindi mo kailanman makakamit ang pagsang-ayon ni Jesus, at hindi kailanman magiging karapat-dapat pumasok sa pintuan ng kaharian ng langit, sapagkat kapwa ka bulag na tagasunod at bilanggo ng kasaysayan. Yaong mga kontrolado ng mga tuntunin, ng mga titik, at iginapos ng kasaysayan ay hindi kailanman makakamit ang buhay ni makakamit ang walang-hanggang daan ng buhay. Ito ay sapagkat ang mayroon lamang sila ay malabong tubig na kinapitan ng libu-libong taon sa halip na tubig ng buhay na dumadaloy mula sa trono. Mananatili magpakailanman na mga bangkay, mga laruan ni Satanas, at mga anak ng impiyerno yaong mga hindi nabigyan ng tubig ng buhay. Kung gayon, paano nila mapagmamasdan ang Diyos? Kung sinusubukan mo lamang na hawakan ang nakaraan, sinusubukan lamang na panatilihin ang mga bagay sa kung ano sila sa pamamagitan ng hindi paggalaw, at hindi sinusubukang baguhin ang nakasanayan na at itapon ang kasaysayan, kung gayon hindi ka ba magiging palaging laban sa Diyos? Malawak at makapangyarihan ang mga hakbang ng gawain ng Diyos, tulad ng rumaragasang mga alon at dumadagundong na mga kulog—subalit nakaupo kang walang imik na naghihintay ng pagkawasak, nakakapit sa kahangalan mo at walang ginagawa. Sa ganitong paraan, paano ka maituturing na isang taong sumusunod sa mga yapak ng Cordero? Paano mo mabibigyang-katwiran

na ang Diyos na kinakapitan mo ay isang Diyos na laging bago at hindi kailanman luma? At paano ka maihahatid ng mga salita sa mga nanilaw mong mga libro patawid sa panibagong kapanahunan? Paano ka nila maaakay para mahanap mo ang mga hakbang ng gawain ng Diyos? At paano ka nila madadala paakyat sa langit? Ang hawak mo sa mga kamay mo ay ang mga titik na magbibigay lamang ng panandaliang ginhawa, hindi ang mga katotohanang kayang magbigay ng buhay. Napagyayaman lamang ng mga banal na kasulatang binabasa mo ang dila mo at hindi ng mga salita ng karunungang makatutulong sa pag-unawa mo sa buhay ng tao, lalong hindi sa mga landas na makapaghahatid sa iyo sa pagkaperpekto. Hindi ba nagdudulot sa iyo ng pagmumuni-muni ang pagkakaibang ito? Hindi ba pinagtatanto ka nito sa mga hiwagang sumasaloob? May kakayahan ka bang dalhin ang sarili mo sa langit upang makipagkita sa Diyos nang ikaw lang? Kung walang pagdating ng Diyos, kaya mo bang dalhin ang sarili mo sa langit upang matamasa ang kasiyahang pampamilya kasama ang Diyos? Nananaginip ka pa rin ba ngayon? Imumungkahi Ko, kung gayon, na ihinto mo ang pananaginip at tingnan kung sino ang gumagawa ngayon—tingnan para makita kung sino ngayon ang nagpapatupad sa gawain ng pagliligtas sa tao sa mga huling araw. Kung hindi mo gagawin, hindi mo kailanman makakamit ang katotohanan, at hindi kailanman makakamit ang buhay.

Hinango mula sa “Tanging si Cristo ng mga Huling Araw ang Makapagbibigay sa Tao ng Daan ng Buhay na Walang Hanggan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang pinakamahalaga sa pagsunod sa Diyos ay na dapat alinsunod ang lahat sa mga salita ng Diyos ngayon: Maging ikaw man ay naghahangad ng pagpasok sa buhay o ng katuparan ng kalooban ng Diyos, ang lahat ay dapat nakasentro sa mga salita ng Diyos ngayon. Kung ang iyong pakikipagniig at hinahangad ay hindi nakasentro sa mga salita ng Diyos ngayon, isa kang estranghero sa mga salita ng Diyos, at ganap na nawalan ng gawain ng Banal na Espiritu. Ang gusto ng Diyos ay ang mga taong sumusunod sa Kanyang mga yapak. Gaano man kahanga-

hanga at kadalisay ang naunawaan mo noon, ayaw ito ng Diyos, at kung hindi mo magagawang isantabi ang gayong mga bagay, ang mga ito ay magiging napakalaking hadlang sa iyong pagpasok sa hinaharap. Lahat niyaong nagagawang sumunod sa kasalukuyang liwanag ng Banal na Espiritu ay mga pinagpala. Sinunod din ng mga tao sa mga kapanahunang lumipas ang mga yapak ng Diyos, ngunit hindi sila nakasunod hanggang sa kasalukuyan; ito ang pagpapala ng mga tao sa mga huling araw. Yaong mga nagagawang sumunod sa kasalukuyang gawain ng Banal na Espiritu, at nagagawang sumunod sa mga yapak ng Diyos, na sumusunod sa Diyos saanman Niya sila akayin—ito ang mga tao na pinagpala ng Diyos. Yaong mga hindi sumusunod sa kasalukuyang gawain ng Banal na Espiritu ay hindi pa nakapasok sa gawain ng mga salita ng Diyos, at gaano man sila gumawa, o gaano man katindi ang kanilang pagdurusa, o gaano man sila magparoo't parito, walang anuman dito ang may kabuluhan sa Diyos, at hindi Niya sila pupurihin. Sa ngayon, lahat niyaong sumusunod sa kasalukuyang mga salita ng Diyos ay nasa daloy ng Banal na Espiritu; yaong mga estranghero sa mga salita ng Diyos ngayon ay nasa labas ng daloy ng Banal na Espiritu, at ang gayong mga tao ay hindi pupurihin ng Diyos.

Hinango mula sa "Alamin ang Pinakabagong Gawain ng Diyos at Sumunod sa Kanyang mga Yapak" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Gaano man karami ang iyong mga kuro-kuro at guni-guni tungkol sa mga gawain ng Diyos, at gaano ka man dating kumilos ayon sa iyong sariling kalooban at naghimagsik laban sa Diyos, kung lubos mong sinisikap na makamit ang katotohanan, at tatanggapin ang paghatol at pagkastigo ng mga salita ng Diyos, at tanggapin ang matabasan at mapakitunguhan ng mga salita ng Diyos; kung, sa lahat ng isinasaayos Niya ay nagagawa mong sundan ang daan ng Diyos, sundin ang mga salita ng Diyos, hangarin ang Kanyang kalooban, magsagawa ayon sa Kanyang mga salita at kalooban, nagagawang maghanap para magpasakop, at kayang isantabi ang lahat ng iyong sariling kalooban, mga

naisin, mga pagsasaalang-alang, mga pampasigasig, at pagsalungat sa Diyos—doon mo lamang masasabi na sumusunod ka sa Diyos! Sinasabi mong sinusunod mo ang Diyos, ngunit lahat ng ginagawa mo, ginagawa mo ayon sa sarili mong kalooban. Sa lahat ng ginagawa mo, mayroon kang sariling mga layunin, sarili mong mga plano; hindi mo ito iniaasa sa Diyos. Kung gayon, ang Diyos pa rin ba ang iyong Diyos? Kung ang Diyos ay hindi mo Diyos, kung gayon, kapag sinasabi mong sumusunod ka sa Diyos, hindi ba ito mga walang lamang salita? Ang mga ganitong salita ba ay hindi pagtatangkang manloko ng tao? Sinasabi mong sumusunod ka sa Diyos, ngunit ang lahat ng iyong mga kilos at pag-uugali, iyong pananaw sa buhay, iyong mga pagpapahalaga, at asal at mga prinsipyo na ginagamit mo sa pagharap at pagdadala sa mga bagay ay nanggaling lahat kay Satanas—ang pagdadala mo sa lahat ng ito ay lubos na nakaayon sa mga prinsipyo at lohika ni Satanas. Kung gayon, sinusunod mo ba ang Diyos?

… Ang pinakasimpleng paraan para mailarawan ang paniniwala sa Diyos ay ang magtiwalang mayroong Diyos, at, sa pundasyong ito, ang sundan Siya, sundin Siya, tanggapin ang Kanyang kapamahalaan, mga pagsasaayos, at mga paghahanda, pakikinig sa Kanyang mga salita, pamumuhay ayon sa Kanyang mga salita, paggawa ng lahat ayon sa Kanyang mga salita, pagiging isang totoong nilikha, at natatakot sa Kanya at nilalayuan ang kasamaan; tanging ito lamang ang totoong paniniwala sa Diyos. Ito ang ibig sabihin ng pagsunod sa Diyos. Sinasabi mong sinusunod mo ang Diyos, ngunit, sa iyong puso, hindi mo tinatanggap ang mga salita ng Diyos, at hindi mo tinatanggap ang Kanyang kapamahalaan, mga pagsasaayos, at mga paghahanda. Kung lagi kang may mga kuro-kuro kung ano ang ginagawa ng Diyos, at palaging mali ang pagkaintindi mo sa mga ginagawa Niya, at nagrereklamo tungkol dito; kung palagi kang hindi nasisiyahan, at palagi mong sinusukat at inuunawa ang ginagawa Niya gamit ang sarili mong mga kuro-kuro at mga haka-haka; kung palagi kang may mga sariling pagkakaunawa—makapagdudulot ito ng problema. Hindi mo nararanasan ang gawain ng Diyos, at wala kang paraan para tunay na masunod Siya. Hindi ganito ang paniniwala sa Diyos.

Hinango mula sa “Ang Paniniwala sa Relihiyon ay Hindi Kailanman Hahantong sa Kaligtasan” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sinundan ni Pedro si Jesus nang ilang taon at maraming nakita sa Kanya na wala sa ibang tao. Matapos Siyang sundan nang isang taon, pinili ni Jesus si Pedro mula sa labindalawang alagad. (Siyempre, hindi ito sinabi nang malakas ni Jesus, at ni hindi iyon alam ng iba.) Sa buhay, sinukat ni Pedro ang kanyang sarili ayon sa lahat ng ginawa ni Jesus. Higit sa lahat, ang mga mensaheng ipinangaral ni Jesus ay nakaukit sa kanyang puso. Lubos siyang naging dedikado at tapat kay Jesus, at hindi siya kailanman nagsabi ng anumang mga hinaing laban sa Kanya. Dahil doon, naging tapat na kasama siya ni Jesus saanman Siya nagpunta. Inobserbahan ni Pedro ang mga turo ni Jesus, ang mahinahon Niyang mga salita, kung ano ang kinakain Niya, ang Kanyang pananamit, ang Kanyang tirahan, at kung paano Siya maglakbay. Tinularan niya si Jesus sa lahat ng aspeto. Hindi siya kailanman naging mapagmagaling, kundi iwinaksi niya ang lahat ng lipas na, na sinusunod ang halimbawa ni Jesus kapwa sa salita at gawa. Noon nadama ni Pedro na ang kalangitan at lupa at lahat ng bagay ay nasa mga kamay ng Makapangyarihan sa lahat at na, dahil dito, wala siyang pansariling pasiya. Natutuhan din ni Pedro ang lahat ng tungkol kay Jesus at ginamit iyon bilang halimbawa. Ipinapakita ng buhay ni Jesus na hindi Siya mapagmagaling sa Kanyang ginagawa; sa halip na ipagmalaki ang Kanyang sarili, pinukaw Niya ang mga tao sa pamamagitan ng pagmamahal. Ipinakita ng iba’t-ibang bagay kung ano si Jesus, at dahil dito, tinularan ni Pedro ang lahat ng tungkol sa Kanya. Dahil sa kanyang mga karanasan, nagkaroon si Pedro ng nag-iibayong pagkaunawa sa pagiging kaibig-ibig ni Jesus, at nagsabi ng mga bagay na tulad ng, “Hinanap ko ang Makapangyarihan sa lahat sa buong sansinukob, at namalas ko ang mga kababalaghan ng kalangitan at lupa at lahat ng bagay, at sa gayon ay nagkaroon ako ng malalim na pagkaunawa sa pagiging kaibig-ibig ng Makapangyarihan sa lahat. Gayunman, hindi ako nagkaroon kailanman ng tunay na pagmamahal sa aking sariling puso, at

hindi pa kailanman nakita ng sarili kong mga mata ang pagiging kaibig-ibig ng Makapangyarihan sa lahat. Ngayon, sa paningin ng Makapangyarihan sa lahat, ako ay kinaluguran Niya, at sa wakas ay nadama ko na ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos. Sa wakas ay natuklasan ko na hindi minamahal ng sangkatauhan ang Diyos dahil lang nilikha Niya ang lahat ng bagay; sa aking pang-araw-araw na buhay, natagpuan ko ang Kanyang walang-hanggang pagiging kaibig-ibig. Paano iyon magiging limitado sa kung ano ang nakikita ngayon?" Sa paglipas ng panahon, marami ring kaibig-ibig na bagay ang nakita kay Pedro. Naging napakamasunurin niya kay Jesus, at siyempre, nagdanas din siya ng ilang problema. Kapag isinasama siya ni Jesus para mangaral sa iba't-ibang lugar, laging nagpapakumbaba si Pedro at nakikinig sa mga sermon ni Jesus. Hindi siya kailanman naging mapagmataas dahil sa maraming taon ng pagsunod niya kay Jesus. Matapos sabihan ni Jesus na kaya Siya naparito ay upang ipako sa krus nang sa gayon ay matapos Niya ang Kanyang gawain, madalas makaramdam si Pedro ng pighati sa kanyang puso at lihim na iiyak nang mag-isa. Gayunpaman, dumating na sa wakas ang "malungkot" na araw na iyon. Matapos maaresto si Jesus, mag-isang umiyak si Pedro sa kanyang bangkang pangisda at umusal ng maraming dalangin para rito. Ngunit sa kanyang puso, alam niyang ito ang kalooban ng Diyos Ama, at na walang sinumang makapagpapabago roon. Nanatili siyang malungkot at naluluha dahil lamang sa kanyang pagmamahal. Isa itong kahinaan ng tao, siyempre. Sa gayon, nang malaman niyang ipapako si Jesus sa krus, tinanong niya si Jesus, "Sa Iyong pag-alis, babalik Ka ba sa aming piling at babantayan kami? Makikita Ka pa ba namin?" Bagama't walang kamuwang-muwang ang mga salitang ito at puno ng mga pagkaintindi ng tao, alam ni Jesus ang pait ng pagdurusa ni Pedro, kaya sa pamamagitan ng Kanyang pagmamahal ay isinaalang-alang Niya ang kahinaan ni Pedro: "Pedro, minahal kita. Alam mo ba iyon? Bagama't walang katwiran ang iyong sinasabi, nangako ang Ama na pagkatapos ng Aking pagkabuhay na mag-uli, magpapakita ako sa mga tao sa loob ng 40 araw. Hindi ka ba naniniwala na malimit na magkakaloob ng biyaya ang Aking Espiritu sa

inyong lahat?” Kahit na bahagyang napayapa nito si Pedro, pakiramdam niya ay may isang bagay pa rin na nawawala, kaya nga, matapos mabuhay na mag-uli, hayagang nagpakita si Jesus sa kanya sa unang pagkakataon. Gayunman, para mapigilan si Pedro na patuloy na kumapit sa kanyang mga pagkaintindi, tinanggihan ni Jesus ang labis-labis na pagkaing inihanda ni Pedro para sa Kanya, at naglaho sa isang kisapmata. Mula sa sandaling iyon, sa wakas ay nagkaroon na si Pedro ng mas malalim na pagkaunawa sa Panginoong Jesus at lalo pa Siyang minahal. Pagkatapos ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli, malimit na nagpakita si Jesus kay Pedro. Tatlong beses pa Siyang nagpakita kay Pedro makalipas ang apatnapung araw at umakyat na Siya sa langit. Bawat pagpapakita ay mismong sa sandaling matatapos na ang gawain ng Banal na Espiritu at magsisimula na ang bagong gawain.

Sa buong buhay niya, nabuhay si Pedro sa pangingisda ngunit, higit pa roon, nabuhay siya upang mangaral. Sa kanyang katandaan, isinulat niya ang una at pangalawang sulat ni Pedro, pati na rin ang ilang liham sa iglesia ng Philadelphia noong panahong iyon. Ang mga tao sa panahong ito ay lubhang naantig sa kanya. Sa halip na magsermon sa mga tao gamit ang sarili niyang mga kaalaman, binigyan niya sila ng angkop na panustos sa buhay. Hindi niya kailanman nakalimutan ang mga turo ni Jesus bago Siya lumisan, at naging inspirasyon ang mga iyon sa kanyang buong buhay. Habang sinusundan si Jesus, nagpasiya siyang suklian ang pagmamahal ng Panginoon ng kanyang kamatayan at sundan ang Kanyang halimbawa sa lahat ng bagay. Sumang-ayon dito si Jesus, kaya nang si Pedro ay 53 taong gulang (mahigit 20 taon nang nakaalis si Jesus), nagpakita sa kanya si Jesus para tumulong na matupad ang kanyang pangarap. Sa loob ng pitong taong kasunod noon, ginugol ni Pedro ang kanyang buhay sa pagkilala sa kanyang sarili. Isang araw, sa pagtatapos ng pitong taong ito, ipinako siya sa krus nang pabaliktad, sa gayon ay winawakasan ang kanyang pambihirang buhay.

Hinango mula sa “Tungkol sa Buhay ni Pedro” ng Mga Pakahulugan sa mga Hiwaga ng mga Salita ng Diyos sa Buong Sansinukob sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kapag naranasan mo hanggang sa isang tiyak na araw, madarama mo na mas normal na pagkakatawang-tao ng Diyos, sangkatauhan, lahat ng mayroon Siya at kung ano ang inihahayag Niya, mas malaki ang ating kaligtasan, at mas normal ang mga ito, mas lalong kinakailangan natin sila. Kung ang pagkakatawang-tao ng Diyos ay higit sa karaniwan, kahit na tayo sa mundo ay maaaring pinili at iniligtas ng Diyos kung gayon, wala sa isa sa atin ang magkakamit ng buong kaligtasan. Dahil mismo sa kababaang-loob at pagkubli ng Diyos, dahil sa normalidad at pagiging praktikal ng tila pangkaraniwang Diyos, kaya't ang sangkatauhan ay may pagkakataong maligtas. Sapagkat sa mga tao ay mayroong pagsuway at diwa ng mga tiwaling disposisyon na sataniko, lahat ng uri ng kuru-kuro, hindi pagkakaunawaan, at pakikipag-aaway laban sa Diyos ay nabuo; ito man ay kaso rin na, bilang bunga ng mga kuro-kurong ito, madalas na mayabang o kumpiyansa sa sarili ang mga tao na tanggihan ang Cristo na ito, at tanggihan ang Kanyang normal na sangkatauhan—isa itong malaking pagkakamali. Kung nais mong makamit ang buong kaligtasan, kung nais mong tanggapin ang kaligtasan ng Diyos, at ang paghuhusga at parusa ng Diyos, dapat mo munang isantabi ang iba't iba mong kuro-kuro at maling pakahulugan tungkol kay Cristo at sa Kanyang normal na sangkatauhan, dapat mong isantabi ang iba`t iba mong pananaw at opinyon tungkol kay Cristo, at dapat mag-isip ka ng paraan upang tanggapin ang lahat na nagmula sa Kanya. Pagkatapos lamang nito na ang mga salitang binibigkas Niya at ang mga katotohanang inilalahad Niya ay unti-unting makakapasok sa iyong puso at magiging buhay. mo Kung nais mong sundin Siya, dapat mong tanggapin ang lahat ng may kaugnayan sa Kanya; hindi ka dapat tumindig laban sa Kanya, ginagamit ang iyong mga kuru-kuro upang palaging hindi Siya maunawaan, at hindi ka dapat kumapit sa iyong sariling mga kuru-kuro at patuloy na hindi Siya maunawaan at pagdudahan, o nilalabanan sa Sita at sinasalungat. Sa gayong pag-uugali, maaari mo lamang saktan ang iyong sarili; hindi mo ito pakikinabangan kahit kaunti.

Hinango mula sa "Sa pamamagitan lamang ng Paglutas ng mga Kuro-kuro Maaaring

Sa mga salita at pag-uugali ninyo ay nahahayag ang mga bahagi ng kawalan ninyo ng paniniwala kay Cristo. Lumalaganap ang kawalan ng paniniwala sa mga dahilan at mga layon ng lahat ng ginagawa ninyo. Maging ang pakiramdam ng titig ninyo ay naglalaman ng kawalan ng paniniwala kay Cristo. Maaaring sabihing sa bawat minuto, nagkikimkim ang bawat isa sa inyo ng mga elemento ng kawalan ng paniniwala. Ibig sabihin, sa bawat sandali, kayo ay nanganganib na ipagkanulo si Cristo, sapagkat ang dugong nananalaytay sa katawan ninyo ay nanunuot sa kawalan ng paniniwala sa Diyos na nagkatawang-tao. Samakatuwid, sinasabi Kong hindi tunay ang mga yapak na iniiwan ninyo sa landas ng pananampalataya sa Diyos; habang tinatahak ninyo ang landas ng pananampalataya sa Diyos, hindi ninyo itinatayo nang matatag ang mga paa ninyo sa lupa—kayo ay basta kumikilos lamang. Kailanman ay hindi ninyo lubos na pinaniwalaan ang salita ni Cristo at walang kakayahang kaagad itong maisagawa. Ito ang dahilan kung bakit wala kayong pananampalataya kay Cristo. Ang palaging pagkakaroon ng mga kuro-kuro tungkol sa Kanya ay isa pang dahilan kaya wala kayong pananampalataya sa Kanya. Magpakailanmang nagdududa tungkol sa gawain ni Cristo, hinahayaan ang salita ni Cristo na mahulog sa mga taingang bingi, pagkakaroon ng opinyon sa kung ano mang gawain ang ginagawa ni Cristo at hindi maunawaan nang tama ang gawaing ito, nahihirapang isaisantabi ang mga kuro-kuro ninyo kahit ano pang paliwanag ang matanggap ninyo, at iba pa—ang lahat ng ito ay mga elemento ng kawalan ng paniniwalang nakahalo sa mga puso ninyo. Kahit nasusundan ninyo ang gawain ni Cristo at hindi kailanman napag-iiwanan, masyadong maraming paghihimagsik ang nakahalo sa mga puso ninyo. Ang paghihimagsik na ito ay isang karumihan sa paniniwala ninyo sa Diyos. Marahil hindi ganoon ang iniisip ninyo, ngunit kung hindi ninyo kayang mabatid ang mga balak ninyo mula rito, siguradong magiging isa kayo sa mga mapapahamak, sapagkat

ginagawang perpekto lamang ng Diyos ang mga totoong naniniwala sa Kanya, hindi yaong mga nagdududa sa Kanya, at pinakahuli sa lahat yaong mga atubiling sumusunod sa Kanya sa kabila ng hindi sila naniwala kailanman na Siya ang Diyos.

Hindi nagagalak sa katotohanan ang ilang tao, lalo na sa paghatol. Sa halip, nagagalak sila sa kapangyarihan at mga kayamanan; ang mga taong ganoon ay tinatawag na mga mapaghanap ng kapangyarihan. Hinahanap lamang nila ang mga denominasyon sa mundo na may impluwensya at hinahanap lamang nila ang mga pastor at mga gurong galing sa mga seminaryo. Bagaman tinanggap na nila ang daan ng katotohanan, hindi sila lubos na naniniwala; wala silang kakayahang ibigay ang lahat ng mga puso at mga isip nila, ang mga bibig nila ay nagsasalita ng paggugol ng mga sarili nila para sa Diyos, ngunit ang kanilang mga mata ay nakatuon sa dakilang mga pastor at mga guro, at hindi nila binibigyan si Cristo ng karagdagang pansin. Nakatuon ang kanilang mga puso sa katanyagan, kayamanan, at karangalan. Hindi sila naniniwalang ang isang ganoon kaliit na tao ay may kakayahang lupigin ang napakarami, na ang isang hindi kapansin-pansin ay mapeperpekto ang tao. Iniisip nilang imposibleng ang mga hamak na kasama ng alikabok at mga tambak ng dumi ay ang mga taong hinirang ng Diyos. Naniniwala silang kung ang mga tulad ng mga taong ito ang mga layon ng pagliligtas ng Diyos, ang langit at lupa ay mababaliktad, at ang lahat ng tao ay tatawa nang tatawa. Naniniwala silang kung pinili ng Diyos ang gayong mga hamak upang perpektuhin, kung gayon ang yaong mga dakilang taong iyon ay magiging Diyos Mismo. Ang mga pananaw nila ay nadungisan ng kawalan ng paniniwala; higit pa sa hindi paniniwala, sila ay kakatuwang mga hayop lamang. Sapagkat pinahahalagahan lamang nila ang katayuan, katanyagan, at kapangyarihan, at pinahahalagahan lamang nila ang malalaking grupo at denominasyon. Wala silang ni katiting na pagmamalasakit para sa yaong mga inakay ni Cristo; sila ay mga taksil lamang na tumalikod kay Cristo, sa katotohanan, at sa buhay.

Hindi ang pagpapakumbaba ni Cristo ang hinahangaan mo, kundi ang

mga huwad na pastol na may bantog na katayuan. Hindi mo gusto ang pagiging kaibig-ibig o ang karunungan ni Cristo, kundi iyong mahahalay na nakalublob sa karumihan ng mundo. Tinatawanan mo ang pasakit ni Cristo na walang lugar na mapaghihigan ng Kanyang ulo, ngunit hinahangaan mo ang mga bangkay na nangangaso ng mga alay at namumuhay sa kabuktutan. Hindi ka handang magdusa sa tabi ni Cristo, ngunit masayang inihahagis ang sarili sa mga bisig ng mga walang habas na mga anticristo, kahit na tinutustusan ka lamang nila ng laman, mga salita, at kontrol. Kahit ngayon, bumabaling pa rin sa kanila ang puso mo, tungo sa kanilang reputasyon, sa kanilang katayuan, sa kanilang impluwensya. Gayunpaman patuloy kang nagtataglay ng saloobin kung saan nahihirapan kang lunukin ang gawain ni Cristo at mabigat sa kalooban mong tanggapin ito. Ito ang dahilan kung bakit sinasabi Kong kulang ka sa pananampalataya upang kilalanin si Cristo. Ang dahilan kung bakit ka sumunod sa Kanya hanggang ngayon ay dahil lamang wala kang ibang pagpipilian. Nangingibabaw sa puso mo magpakailanman ang isang serye ng matatayog na imahe; hindi mo makakalimutan ang kanilang bawat salita at gawa, ni ang kanilang maimpluwensiyang mga salita at mga kamay. Sila ay, sa mga puso ninyo, kataas-taasan at mga bayani magpakailanman. Ngunit hindi ganito para sa Cristo ng kasalukuyan. Wala Siyang halaga sa puso mo magpakailanman, at di-karapat-dapat sa paggalang magpakailanman. Sapagkat napaka-karaniwan Niya, may lubhang napakaliit na impluwensya, at malayo sa pagiging napakatayog.

Magkagayunman, sinasabi Kong ang lahat ng hindi nagpapahalaga sa katotohanan ay mga di-mananampalataya at mga taksil sa katotohanan. Ang mga ganoong tao ay hindi kailanman makatatanggap ng pag-ayon ni Cristo. Napagtanto mo na ba ngayon kung gaano kalaki ang kawalan ng paniniwalang nasa kalooban mo, at kung gaano kalaki ang pagtataksil kay Cristo na mayroon ka? Ikaw ay Aking pinapayuhan nang gayon: Dahil napili mo na ang daan ng katotohanan, dapat mong ilaan ang sarili mo nang buong puso; huwag maging salawahan o mahina ang loob. Dapat mong maunawaang ang Diyos ay hindi nabibilang sa mundo o sa sino

mang tao, kundi sa lahat ng totoong nananampalataya sa Kanya, sa lahat ng sumasamba sa Kanya, at sa lahat ng nakatuon at tapat sa Kanya.

Hinango mula sa “Isa Ka bang Tunay na Mananampalataya sa Diyos?” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Inaasam ninyo na kalugdan kayo ng Diyos, subalit napakalayo ninyo sa Diyos. Ano ang problema dito? Tinatanggap ninyo ang mga salita lamang Niya, ngunit hindi ang pakikitungo at pagtatabas Niya, lalong hindi ninyo magawang tanggapin ang bawat pagsasaayos Niya, ang magkaroon ng ganap na pananampalataya sa Kanya. Ano, kung gayon, ang problema dito? Sa huling pagsusuri, ang inyong pananampalataya ay isang basyong balat ng itlog, yaong hindi kailanman makabubuo ng sisiw. Sapagkat hindi nakapagdala sa inyo ng katotohanan o nakapagbigay sa inyo ng buhay ang inyong pananampalataya, bagkus ay nakapagbigay sa inyo ng mapanlinlang na pakiramdam ng kandili at pag-asa. Itong pakiramdam ng kandili at pag-asa ang siyang layunin ng paniniwala ninyo sa Diyos, hindi ang katotohanan at ang buhay. Kaya’t sinasabi Ko na ang landas ng inyong pananampalataya sa Diyos ay walang iba kundi ang subukang magmapuri sa Diyos sa pamamagitan ng pagpapaalipin at kawalanghiyaan, at sa kahit anong paraan ay hindi maipapalagay na totoong pananampalataya. Paanong isisilang ang isang sisiw sa pananampalatayang tulad nito? Sa madaling salita, anong magagawa ng pananampalatayang tulad nito? Ang layunin ng pananampalataya ninyo sa Diyos ay gamitin Siya upang makamit ang inyong mga layunin. Hindi ba ito, sa karagdagan, na isang katunayan na pinasasakitan ninyo ang disposisyon ng Diyos? Naniniwala kayo sa pag-iral ng Diyos na nasa langit at itinatatwa yaong sa Diyos na nasa lupa, subalit hindi Ko kinikilala ang mga pananaw ninyo; pinapupurihan Ko lamang yaong mga taong pinananatili ang mga paa nila sa lupa at naglilingkod sa Diyos na nasa lupa, ngunit hindi kailanman yaong mga hindi kumikilala sa Cristo na nasa lupa. Gaano man katapat sa Diyos na nasa langit ang ganitong mga tao, sa huli ay hindi pa rin nila matatakasan ang Aking kamay na nagpaparusa sa

mga buktot. Buktot ang mga taong ito; sila ang mga masasamang sumasalungat sa Diyos at hindi kailanman masayang sumunod kay Cristo. Mangyari pa, kasama sa kanilang bilang lahat yaong mga hindi nababatid, at, dagdag pa, hindi kinikilala si Cristo. Naniniwala ka ba na makakikilos ka tungo kay Cristo ayon sa iyong kagustuhan hangga't tapat ka sa Diyos na nasa langit? Mali! Kamangmangan sa Diyos na nasa langit ang kamangmangan mo kay Cristo. Gaano ka man katapat sa Diyos na nasa langit, ngawngaw at pagkukunwari lamang ito, dahil ang Diyos na nasa lupa ay hindi lamang nakatutulong sa pagtanggap ng tao sa katotohanan at mas malalim na karunungan, ngunit higit pa riyan ay nakatutulong sa kaparusahan ng tao at, pagkatapos, sa pagsunggab sa mga katunayan upang parusahan ang mga buktot. Naintindihan mo ba rito ang mga pakinabang at mga nakapipinsalang kalalabasan? Naranasan mo ba ang mga ito? Hiling Ko para sa inyo na maintindihan balang-araw ang katotohanang ito: Para makilala ang Diyos, kailangan ninyong makilala hindi lamang ang Diyos na nasa langit ngunit, higit pang mahalaga, ang Diyos na nasa lupa. Huwag kayong malito sa inyong mga prayoridad o hayaang mahalinhan ng pangalawa ang pangunahin. Tanging sa ganitong paraan ka lamang tunay na makapagtatayo ng magandang ugnayan sa Diyos, magiging higit na malapit sa Diyos, at higit na mapalalapit ang puso mo sa Kanya. Kung isa kang mananampalataya sa loob ng maraming taon at matagal nang nauugnay sa Akin, subalit nananatiling malayo sa Akin, kung gayon ay sinasabi Ko na iyan ay dahil madalas mong napasasakitan ang disposisyon ng Diyos, at magiging mahirap tuusin ang katapusan mo. Kung ang maraming taon ng kaugnayan mo sa Akin ay hindi lamang nabigong baguhin ka tungo sa isang taong nagtataglay ng pagkatao at ng katotohanan, ngunit, bukod dito, naitanim ang masama mong mga gawi sa iyong kalikasan, at hindi lamang may makadalawang ulit na pagmamataas ka kaysa dati, ngunit dumami rin ang mga maling pagkakaintindi mo sa Akin, kaya't tinitingnan mo na Ako ngayon bilang abang alalay, kung gayon ay sinasabi Ko na hindi na lamang paimbabaw ang sakit mo ngunit tumagos na sa kaibuturan ng mga buto mo. Ang nalalabi na lamang ay

hintayin mong matapos ang pagsasaayos ng iyong libing. Hindi mo na kailangang magsumamo sa Akin upang maging Diyos mo, dahil nakagawa ka ng kasalanang nararapat sa kamatayan, isang kasalanang walang kapatawaran. Magkaroon man Ako ng habag sa iyo, igigiit ng Diyos na nasa langit na kunin ang buhay mo, dahil hindi pangkaraniwang suliranin ang pagkakasala mo laban sa disposisyon ng Diyos, ngunit isang may napakalubhang kalikasan. Pagdating ng oras, huwag mo Akong sisisihin sa hindi karakang pagsasabi sa iyo. Bumabalik ang lahat dito: Kapag nakipag-ugnay ka kay Cristo—ang Diyos na nasa lupa—bilang pangkaraniwang tao, iyan ay, kung naniniwala kang walang iba kundi isang tao lamang ang Diyos na ito, ay saka lamang na mamamatay ka. Ito lamang ang babala Ko sa inyong lahat.

Hinango mula sa “Paano Mababatid ang Diyos na Nasa Lupa” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Pinakakatawa-tawang mga tao sa mundo yaong mga nagnanais na makamit ang buhay nang hindi umaasa sa katotohanang sinabi ni Cristo, at mga ligaw sa guni-guni yaong mga hindi tinatanggap ang daan ng buhay na dinala ni Cristo. Kaya naman sinasabi Ko na magpakailanmang kamumuhian ng Diyos yaong mga taong hindi tinatanggap si Cristo ng mga huling araw. Si Cristo ang pasukan ng tao patungo sa kaharian sa mga huling araw, at walang sinuman ang makalalampas sa Kanya. Walang sinuman ang maaaring gawing perpekto ng Diyos kundi sa pamamagitan ni Cristo lamang. Naniniwala ka sa Diyos, at sa gayon dapat mong tanggapin ang Kanyang mga salita at sundin ang Kanyang daan. Hindi mo maaaring isipin lamang ang magkamit ng mga pagpapala habang wala kang kakayahang tumanggap ng katotohanan at walang kakayahang tumanggap ng paglalaan ng buhay. Darating si Cristo sa mga huling araw upang mabigyan ng buhay lahat yaong mga tunay na naniniwala sa Kanya. Alang-alang sa pagtatapos ng lumang kapanahunan at ang pagpasok sa bago ang Kanyang gawain, at ito ang landas na dapat tahakin ng yaong lahat ng mga papasok sa bagong kapanahunan. Kung wala kang kakayahang

kilalanin Siya, at sa halip pinarurusahan, nilalapastangan, o inuusig din Siya, kung gayon nakatadhana kang masunog nang walang-hanggan at hindi kailanman makapapasok sa kaharian ng Diyos. Dahil ang Cristong ito ang Mismong pagpapahayag ng Banal na Espiritu, ang pagpapahayag ng Diyos, ang Siyang pinagkatiwalaan ng Diyos na gawin ang Kanyang gawain sa lupa. Kaya naman sinasabi Ko na kung hindi mo tatanggapin ang lahat ng ginagawa ni Cristo ng mga huling araw, kung gayon nilalapastangan mo ang Banal na Espiritu. Maliwanag sa lahat ang ganting matatanggap ng yaong mga lumalapastangan sa Banal na Espiritu. Sinasabi Ko rin sa iyo na kapag nilalabanan mo si Cristo ng mga huling araw, kung tatanggihan mo nang may paghamak si Cristo ng mga huling araw, wala nang sinuman ang makapagpapasan sa mga kahihinatnan alang-alang sa iyo. Higit pa rito, simula sa araw na ito at sa mga susunod pa hindi ka magkakaroon ng isa pang pagkakataong makamit ang pagsang-ayon ng Diyos; kahit na subukin mo pang tubusin ang sarili mo, hindi mo muling mapagmamasdan ang mukha ng Diyos. Sapagkat hindi isang tao ang nilalabanan mo, hindi isang mahinang nilalang ang tinatanggihan mo nang may paghamak, kundi si Cristo. Alam mo ba ang kahihinatnan nito? Hindi isang maliit na pagkakamali ang magagawa mo, kundi isang karumal-dumal na krimen. Kaya naman pinapayuhan Ko ang lahat na huwag ilabas ang mga pangil ninyo sa harap ng katotohanan, o gumawa ng bulagsak na mga pamumuna, dahil ang katotohanan lamang ang makapagdadala sa iyo ng buhay, at wala kundi ang katotohanan ang makapagpapahintulot na muli kang isilang at mapagmasdang muli ang mukha ng Diyos.

Hinango mula sa “Tanging si Cristo ng mga Huling Araw ang Makapagbibigay sa Tao ng Daan ng Buhay na Walang Hanggan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

37. Ang mga Prinsipyo ng Paninindigan sa Patotoo ng Isang Tao

(1) Kinakailangang pagtuunan ang pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, magkaroon ng totohanang kaalaman sa gawain ng Diyos, at

magkaroon ng pagpaplano sa hinaharap bilang pundasyon. Saka lamang maaaring magkaroon ng tunay na pananampalataya ang isang tao kapag humaharap sa mga pagsubok at matitinding pagdurusa;

(2) Tanging isang taong may pananampalatayang katulad ng kay Job lamang ang makapagbabata ng pagdurusang dala ng mga pagsubok, na mas pipiliin pang sumpain ang sarili kaysa sisihin at pagtaksilan ang Diyos;

(3) Kapag nahaharap sa mga pagsubok at matitinding tiisin, dapat manahimik ang isang tao sa harapan ng Diyos, hanapin ang patnubay ng Kanyang mga salita, at matutuhang ilagak ang pagtitiwala sa Kanya. Saka lamang magagawa ng isang tao na makapanindigan;

(4) Kahit paano ka man nililinlang ni Satanas, tinutukso ka, o inuusig ka, kung nagagawa mong manalangin sa Diyos at isuko ang iyong buhay, magagawa mong magpasakop at magpakatapat sa Diyos.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Bilang mga nilalang, dapat tuparin ng mga tao ang mga tungkuling dapat nilang tuparin, at tumayong saksi para sa Diyos sa gitna ng pagpipino. Sa bawat pagsubok dapat nilang panindigan ang pagpapatotoong dapat nilang gawin, at gawin iyon nang lubhang matunog para sa Diyos. Ang isang taong gumagawa nito ay isang mananagumpay. Paano ka man pinuhin ng Diyos, nananatili kang puno ng tiwala at hindi nawawalan ng tiwala sa Kanya. Ginagawa mo ang dapat gawin ng tao. Ito ang hinihiling ng Diyos sa tao, at dapat magawa ng puso ng tao na lubos na bumalik at bumaling sa Kanya sa bawat sandaling lumilipas. Ito ay isang mananagumpay. Yaong mga tinutukoy ng Diyos na mga “mananagumpay” ay yaong mga nagagawa pang tumayong saksi at mapanatili ang kanilang tiwala at katapatan sa Diyos kapag nasa ilalim sila ng impluwensya ni Satanas at nilulusob ni Satanas, ibig sabihin, kapag nasa gitna sila ng mga puwersa ng kadiliman. Kung nagagawa mo pa ring magpanatili ng isang dalisay na puso sa harap ng Diyos at ng tunay na pagmamahal para sa Diyos anuman ang mangyari, ikaw ay tumatayong saksi sa harap ng Diyos, at ito ang tinutukoy ng Diyos na pagiging isang “mananagumpay.” Kung napakaganda ng iyong paghahangad kapag pinagpapala ka ng Diyos,

ngunit umuurong ka kapag wala ang Kanyang mga pagpapala, kadalisayan ba ito? Yamang nakatitiyak ka na ang landas na ito ay totoo, kailangan mo itong sundan hanggang sa dulo; kailangan mong panatilihin ang iyong katapatan sa Diyos. Yamang nakita mo na ang Diyos Mismo ay naparito sa lupa upang gawin kang perpekto, dapat mong ibigay nang lubusan ang iyong puso sa Kanya. Kung masusundan mo pa rin Siya anuman ang Kanyang gawin, magpasya man Siya ng isang hindi kaaya-ayang kahihinatnan para sa iyo sa pinakadulo, ito ay pagpapanatili ng iyong kadalisayan sa harap ng Diyos. Ang pag-aalay ng isang banal na espirituwal na katawan at isang dalisay na birhen sa Diyos ay nangangahulugan ng pagpapanatili ng isang pusong taos sa harap ng Diyos. Para sa sangkatauhan, ang katapatan ay kadalisayan, at ang kakayahang maging taos sa Diyos ay pagpapanatili ng kadalisayan. Ito ang dapat mong isagawa. Kapag dapat kang manalangin, manalangin ka; kapag dapat kang makitipon sa pagbabahagi, gawin mo iyon; kapag dapat kang umawit ng mga himno, umawit ka ng mga himno; at kapag dapat mong talikdan ang laman, talikdan mo ang laman. Kapag ginagampanan mo ang iyong tungkulin, hindi ka natataranta; kapag nahaharap ka sa mga pagsubok naninindigan ka. Ito ang katapatan sa Diyos. Kung hindi mo paninindigan ang dapat gawin ng mga tao, lahat ng dati mong pinagdusahan at pinagpasyahan ay nawalan ng saysay.

Hinango mula sa “Dapat Mong Panatilihin ang Iyong Katapatan sa Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang pagbabahagi ng isang matunog na patotoo para sa Diyos una sa lahat ay may kaugnayan sa kung mayroon o wala kang pagkaunawa sa praktikal na Diyos, at kung nagagawa mong magpasakop o hindi sa harap ng taong ito na hindi lamang karaniwan, kundi normal, at magpasakop kahit hanggang kamatayan. Kung ikaw, sa pamamagitan ng pagpapasakop na ito, ay tunay na nagpapatotoo para sa Diyos, ibig sabihin niyan ay naangkin ka ng Diyos. Kung makakapagpasakop ka hanggang kamatayan, at sa Kanyang harapan, wala ka nang mga reklamo, hindi ka

nanghuhusga, hindi ka naninirang-puri, wala kang anumang mga pagkaintindi, at wala kang anumang mga lihim na motibo, sa ganitong paraan ay magtatamo ng kaluwalhatian ang Diyos. Ang pagpapasakop sa harap ng isang karaniwang tao na hinahamak ng tao, at nagagawang magpasakop hanggang kamatayan nang walang anumang mga pagkaintindi—ito ay tunay na patotoo. Ang realidad na kinakailangan ng Diyos na pasukin ng mga tao ay na nagagawa mong sundin ang Kanyang mga salita, isagawa ang mga ito, yumuko sa harap ng praktikal na Diyos at alamin ang sarili mong katiwalian, buksan ang iyong puso sa Kanyang harapan, at, sa bandang huli, maangkin Niya sa pamamagitan ng mga salita Niyang ito. Nagtatamo ng kaluwalhatian ang Diyos kapag nilulupig ka ng mga pahayag na ito at nahihikayat kang lubos na sumunod sa Kanya; sa pamamagitan nito, hinihiya Niya si Satanas at kinukumpleto ang Kanyang gawain. Kapag wala kang anumang mga pagkaintindi tungkol sa pagiging praktikal ng Diyos na nagkatawang-tao—ibig sabihin, kapag nakapanindigan ka sa pagsubok na ito—mahusay mong naibahagi ang patotoong ito. Kung dumating ang araw na magkaroon ka ng lubos na pagkaunawa sa praktikal na Diyos at kaya mong magpasakop hanggang kamatayan kagaya ni Pedro, maaangkin ka ng Diyos at magagawa ka Niyang perpekto. Aumang ginagawa ng Diyos na hindi nakaayon sa iyong mga pagkaintindi ay isang pagsubok para sa iyo. Kung ang gawain ng Diyos ay nakaayon sa iyong mga pagkaintindi, hindi ka na kailangang magdusa o mapino. Ito ay dahil sa ang Kanyang gawain ay napaka-praktikal at hindi nakaayon sa iyong mga pagkaintindi kaya kailangan mong pakawalan ang mga pagkaintinding iyon. Kaya nga ito ay isang pagsubok para sa iyo. Dahil sa pagiging praktikal ng Diyos kaya lahat ng tao ay nasa gitna ng mga pagsubok; ang Kanyang gawain ay praktikal, hindi higit sa karaniwan. Sa pamamagitan ng lubos na pag-unawa sa Kanyang praktikal na mga salita at Kanyang praktikal na mga pahayag nang walang anumang mga pagkaintindi, at sa tunay na pagmamahal sa Kanya lalo pang lumalago ang Kanyang gawain, maaangkin ka Niya. Ang grupo ng mga tao na maaangkin ng Diyos ay yaong mga nakakikilala sa Diyos; ibig sabihin,

yaong mga nakakaalam sa Kanyang pagiging praktikal. Bukod pa riyan, sila yaong mga nagagawang magpasakop sa praktikal na gawain ng Diyos.

Hinango mula sa “Yaong mga Tunay na Nagmamahal sa Diyos ay Yaong mga Talagang Nagpapasakop sa Kanyang Pagiging Praktikal” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ano ang ibig sabihin ng manindigan ang isang tao sa kanyang patotoo? Sinasabi ng ilang tao na sumusunod lamang sila na kagaya ng ginagawa nila ngayon at hindi sila nag-aalala kung kaya nilang magtamo ng buhay; hindi nila hinahangad ang buhay, ngunit hindi rin naman sila tumatalikod. Kinikilala lamang nila na ang yugtong ito ng gawain ay isinasagawa ng Diyos. Hindi ba ito kabiguan sa kanilang patotoo? Ni hindi nagpapatotoo ang gayong mga tao na nalupig na sila. Yaong mga nalupig na ay sumusunod sa kabila ng lahat at nagagawang hangarin ang buhay. Hindi lamang sila naniniwala sa praktikal na Diyos, kundi alam din nila kung paano sundin ang lahat ng plano ng Diyos. Gayon yaong mga nagpapatotoo. Yaong mga hindi nagpapatotoo ay hindi kailanman hinangad ang buhay at patuloy pa ring sumusunod nang magulo. Maaaring sumusunod ka, ngunit hindi ito nangangahulugan na nalupig ka na, sapagkat hindi mo nauunawaan ang gawain ng Diyos ngayon. Kailangang matugunan ang ilang kundisyon para malupig. Hindi lahat ng sumusunod ay nalupig na, sapagkat sa puso mo ay hindi mo nauunawaan kung bakit kailangan mong sundin ang Diyos sa ngayon, hindi mo rin alam kung paano ka nakaraos hanggang ngayon, kung sino ang sumuporta sa iyo hanggang ngayon. Ang pagsampalataya ng ilang tao sa Diyos ay palaging magulo at lito; sa gayon, ang pagsunod ay hindi nangangahulugan na mayroon kang patotoo. Ano ba talaga ang tunay na patotoo? Ang patotoong binabanggit dito ay may dalawang bahagi: Ang isa ay patotoo ng pagkalupig, at ang isa pa ay patotoo na nagawa na siyang perpekto (na, natural, ay magiging patotoo kasunod ng malalaking pagsubok at kapighatian sa hinaharap). Sa madaling salita, kung kaya mong manindigan sa oras ng mga kapighatian at pagsubok, napagtiisan mo na ang pangalawang hakbang ng patotoo. Ang pinakamahalaga ngayon ay

ang unang hakbang ng patotoo: magawang manindigan sa bawat pagkakataon ng mga pagsubok ng pagkastigo at paghatol. Ito ang patotoo na nalupig na ang isang tao. Iyon ay dahil ngayon ang panahon ng paglupig. (Dapat mong malaman na ngayon ang panahon ng gawain ng Diyos sa lupa; ang gawain ng Diyos na nagkatawang-tao sa lupa una sa lahat ay lupigin ang grupo ng mga taong ito sa lupa na sumusunod sa Kanya kahit sa paghatol at pagkastigo.) Kung may kakayahan ka o wala na magpatotoo na nalupig ka na ay nakasalalay hindi lamang sa kung nakakasunod ka hanggang sa pinakahuli, kundi, ang mas mahalaga, kung kaya mo, habang dinaranas mo ang bawat hakbang ng gawain ng Diyos, na tunay na maunawaan ang pagkastigo at paghatol ng Diyos, at kung tunay mong nahihiwatigan ang lahat ng gawaing ito. Hindi ka makakalusot sa pagsunod lamang hanggang sa huli. Kailangan ay handa kang sumuko sa panahon ng bawat pagkakataon ng pagkastigo at paghatol, may kakayahan kang tunay na maunawaan ang bawat hakbang ng gawaing nararanasan mo, at kailangan mong magtamo ng kaalaman, at pagsunod sa disposisyon ng Diyos. Ito ang huling patotoo na nalupig ka na, na ipinababahagi sa iyo. Ang patotoo na nalupig ka na ay tumutukoy una sa lahat sa iyong kaalaman tungkol sa pagkakatawang-tao ng Diyos. Ang mahalaga, ang hakbang na ito ng patotoo ay sa pagkakatawang-tao ng Diyos. Hindi mahalaga kung ano ang iyong ginagawa o sinasabi sa harap ng mga tao sa mundo o yaong mga may kapangyarihan; ang pinakamahalaga sa lahat ay kung nagagawa mong sundin ang lahat ng salitang nagmumula sa bibig ng Diyos at lahat ng Kanyang gawain. Kung gayon, ang hakbang na ito ng patotoo ay patungkol kay Satanas at sa lahat ng kaaway ng Diyos—ang mga demonyo at palaaway na hindi naniniwala na ang Diyos ay magkakatawang-tao sa ikalawang pagkakataon at darating upang gumawa ng mas dakilang gawain, at bukod pa roon, hindi naniniwala sa katotohanan ng pagbabalik ng Diyos sa katawang-tao. Sa madaling salita, patungkol ito sa lahat ng anticristo—lahat ng kaaway na hindi naniniwala sa pagkakatawang-tao ng Diyos.

Hinango mula sa “Pagsasagawa (4)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang huling hakbang ng patotoo ay ang patotoo kung nagawa kang perpekto o hindi—na ang ibig sabihin, dahil naunawaan mo na ang lahat ng salitang nagmumula sa bibig ng Diyos na nagkatawang-tao, nag-aangkin ka ng kaalaman tungkol sa Diyos at nakatitiyak ka tungkol sa Kanya, isinasabuhay mo ang lahat ng salitang nagmumula sa bibig ng Diyos, at nagagawa ang mga kundisyong hinihiling sa iyo ng Diyos—ang estilo ni Pedro at pananampalataya ni Job—kaya nakakasunod ka hanggang kamatayan, naibibigay mo nang lubusan ang iyong sarili sa Kanya, at sa huli ay nakakamtan ang larawan ng isang taong tumutugon sa pamantayan, na ibig sabihin ay ang larawan ng isang taong nalupig na at nagawang perpekto matapos danasin ang paghatol at pagkastigo ng Diyos. Ito ang pangwakas na patotoo—ito ang patotoong dapat ibahagi ng isang taong nagawang perpekto sa huli. Ito ang dalawang hakbang ng patotoo na dapat mong ibahagi, at magkaugnay ang mga ito, bawat isa ay kailangang-kailangan. Ngunit may isang bagay na kailangan mong malaman: Ang patotoong kinakailangan ko sa iyo ngayon ay hindi patungkol sa mga tao sa mundo, ni hindi sa sinumang indibiduwal, kundi tungkol sa hinihiling Ko sa iyo. Nasusukat ito sa kung napapalugod mo Ako, at kung nagagawa mong lubos na tugunan ang mga pamantayan ng Aking mga hinihiling sa bawat isa sa inyo. Ito ang dapat ninyong maunawaan.

Hinango mula sa “Pagsasagawa (4)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung wala ang mga salita ng Diyos bilang iyong realidad, wala kang tunay na tayog. Pagdating ng panahon ng pagsubok, tiyak na babagsak ka, at pagkatapos ay mabubunyag ang iyong tunay na tayog. Ngunit yaong mga regular na naghahangad na pumasok sa realidad, kapag puno ng mga pagsubok, ay nauunawaan ang layunin ng gawain ng Diyos. Ang isang taong may konsiyensya, at nauuhaw sa Diyos, ay dapat gumawa ng praktikal na pagkilos upang masuklian ang Diyos sa Kanyang pagmamahal. Yaong mga walang realidad ay hindi makakatayo nang matatag kahit sa harap ng walang-kuwentang mga bagay. Gayon ang pagkakaiba sa pagitan ng mga may tunay na tayog at ng mga wala. Bakit

kaya ang ilan, bagama't sila ay kapwa kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, ay nagagawang tumayo nang matatag sa gitna ng mga pagsubok, samantalang ang iba ay tumatakas? Ang malinaw na pagkakaiba ay na walang tunay na tayog ang ilan; wala sa kanila ang mga salita ng Diyos upang magsilbing kanilang realidad, at ang Kanyang mga salita ay hindi nag-ugat sa kanilang kalooban. Kapag sinubukan na sila, narating na nila ang dulo ng kanilang landas. Kung gayon, bakit nagagawang manindigan ng ilan sa gitna ng mga pagsubok? Dahil ba sa nauunawaan nila ang katotohanan at mayroon silang isang pangitain, at nauunawaan nila ang kalooban ng Diyos at ang Kanyang mga hinihiling, at sa gayon ay nagagawa nilang manindigan sa oras ng mga pagsubok. Ito ay tunay na tayog, at ito rin ay buhay. Maaari ding basahin ng ilan ang mga salita ng Diyos, ngunit hindi ito isinasagawa, hindi sineseryoso ang mga ito; yaong mga hindi sineseryoso ang mga ito ay hindi pinahahalagahan ang pagsasagawa. Yaong mga walang mga salita ng Diyos para magsilbing kanilang realidad ay yaong mga walang tunay na tayog, at ang gayong mga tao ay hindi makapanindigan nang matatag sa oras ng mga pagsubok.

Hinango mula sa "Ang Kapanahunan ng Kaharian ay ang Kapanahunan ng Salita" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa bawat hakbang ng gawaing ginagawa ng Diyos sa gitna ng mga tao, sa panlabas ay mukha itong pag-uugnayan sa pagitan ng mga tao, na para bang mula sa pagsasaayos ng tao, o mula sa panghihimasok ng tao. Ngunit sa likod ng mga eksena, ang bawat hakbang ng gawain, at lahat ng nangyayari, ay isang pustahan na ginawa ni Satanas sa harap ng Diyos, at nangangailangan sa mga tao na manindigan sa kanilang patotoo sa Diyos. Gaya nang si Job ay sinubukan, halimbawa: Sa likod ng mga eksena, nakikipagpustahan si Satanas sa Diyos, at ang nangyari kay Job ay mga gawa ng tao, at panghihimasok ng mga tao. Sa likod ng bawat hakbang ng gawaing ginagawa ng Diyos sa inyo ay ang pakikipagpustahan ni Satanas sa Diyos—sa likod ng lahat ng ito ay isang labanan. Halimbawa, kung ikaw ay may pagkiling tungo sa iyong mga kapatid, magkakaroon ka ng mga

salita na nais mong sabihin—mga salita na sa pakiramdam mo ay maaaring hindi ikatuwa ng Diyos—ngunit kung hindi mo sasabihin ang mga ito, makararamdam ka ng paghihirap sa kalooban mo, at sa sandaling ito, magsisimula ang isang paglalaban sa kalooban mo: “Magsasalita ba ako o hindi?” Ito ang paglalaban. Kaya, sa lahat ng bagay na makatagpo mo ay may labanan, at kapag may labanan sa iyong kalooban, dahil sa iyong aktwal na kooperasyon at aktwal na pagdurusa, gumagawa ang Diyos sa iyong kalooban. Sa huli, nagagawa mong isantabi sa kalooban mo ang pangyayari at ang galit ay likas na nawawala. Ganito ang epekto ng iyong pakikipagtulungan sa Diyos. Kailangan ng mga taong magbayad ng isang tiyak na halaga sa kanilang mga pagsisikap sa lahat ng kanilang ginagawa. Kung walang aktwal na paghihirap, hindi nila mabibigyang-kasiyahan ang Diyos, hindi man lamang sila kalapitan sa pagbibigay-kasiyahan sa Diyos, at nagbubuga lamang sila ng mga hungkag na kasabihan! Mabibigyang-kasiyahan ba ng mga hungkag na kasabihang ito ang Diyos? Kapag naglalaban sa espirituwal na dako ang Diyos at si Satanas, paano mo dapat bigyang-kasiyahan ang Diyos, at paano ka dapat manindigan sa iyong patotoo sa Kanya? Dapat mong malaman na ang lahat ng nangyayari sa iyo ay isang malaking pagsubok at ang oras na kailangan ka ng Diyos na magpatotoo. Bagama’t maaaring hindi mukhang mahalaga ang mga ito sa panlabas, kapag nangyayari ang mga bagay na ito, ipinakikita ng mga ito kung mahal mo ba o hindi ang Diyos. Kung mahal mo, makakapanindigan ka sa iyong patotoo sa Kanya, at kung hindi mo naisagawa ang pag-ibig sa Kanya, ipinapakita nito na ikaw ay hindi isang taong nagsasagawa ng katotohanan, na ikaw ay walang katotohanan, at walang buhay, na ikaw ay ipa! Ang lahat ng bagay na nangyayari sa mga tao ay nangyayari kapag kailangan sila ng Diyos na manindigan sa kanilang pagpapatotoo sa Kanya. Bagama’t walang malaking nangyayari sa iyo sa sandaling ito at hindi ka lubos na nagpapatotoo, ang bawat detalye ng iyong pang-araw-araw na buhay ay isang patotoo sa Diyos. Kung makakamit mo ang paghanga ng iyong mga kapatid, mga miyembro ng iyong pamilya, at lahat ng tao sa iyong paligid; kung, isang araw,

dumating ang mga hindi mananampalataya, at humanga sa lahat ng iyong ginagawa, at makitang ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay kahanga-hanga, nakapagpatotoo ka na. Kahit wala kang kabatiran at mababa ang iyong kakayahan, sa pamamagitan ng pagperpekto sa iyo ng Diyos, nagagawa mong bigyan Siya ng kasiyahan at isaisip ang Kanyang kalooban, na ipinapakita sa iba ang dakilang gawaing nagawa Niya sa mga tao na may pinakamababang kakayahan. Kapag nakikilala ng mga tao ang Diyos at nagiging mga mananagumpay sila sa harap ni Satanas, na lubhang matapat sa Diyos, wala nang iba pang mas may lakas kaysa sa grupong ito ng mga tao, at ito ang pinakadakilang patotoo. Bagama't hindi mo kayang gumawa ng dakilang gawain, kaya mong bigyang-kasiyahan ang Diyos. Hindi maisantabi ng iba ang kanilang mga kuro-kuro, ngunit kaya mo; hindi kaya ng iba na magpatotoo sa Diyos sa panahon ng kanilang aktwal na mga karanasan, ngunit nagagamit mo ang iyong aktwal na katayuan at mga pagkilos upang suklian ang pagmamahal ng Diyos at magbigay ng maugong na patotoo sa Kanya. Ito lamang ang mabibilang na aktwal na pagmamahal sa Diyos. Kung hindi mo ito kayang gawin, hindi ka nagpapatotoo sa mga miyembro ng iyong pamilya, sa iyong mga kapatid, o sa harap ng mga tao sa mundo. Kung hindi mo kayang magpatotoo sa harap ni Satanas, tatawanan ka ni Satanas, ituturing ka nito bilang isang katatawanan, bilang isang laruan, madalas ka nitong lilinlangin, at gagawin kang baliw. Sa hinaharap, maaaring dumating sa iyo ang malalaking pagsubok—pero ngayon, kung mahal mo ang Diyos nang may tapat na puso, at gaano man kalaki ang mga pagsubok na darating, anuman ang mangyari sa iyo, nagagawa mong panindigan ang iyong pagpapatotoo, at nagagawa mong bigyang-kasiyahan ang Diyos, pagiginhawahin ang iyong puso, at hindi ka matatakot gaano man kalaki ang mga pagsubok na iyong makakatagpo sa hinaharap. Hindi ninyo makikita kung ano ang mangyayari sa hinaharap; maaari lamang ninyong bigyang-kasiyahan ang Diyos sa mga kalagayan sa ngayon. Wala kayong kakayahang gumawa ng anumang dakilang gawain at dapat kayong tumuon sa pagbibigay-kasiyahan sa Diyos sa pamamagitan ng pagdanas ng Kanyang mga salita

sa tunay na buhay, at magpahayag ng matibay at maugong na pagpapatotoo na nagdadala ng kahihiyan kay Satanas. Bagama't mananatili ang iyong laman na hindi ganap na nasisiyahan at nagdusa, naghatid ka ng kasiyahan sa Diyos at nagdala ng kahihiyan kay Satanas. Kung lagi kang nagsasagawa sa ganitong paraan, magbubukas ang Diyos ng isang landas sa harap mo. Kapag, isang araw, dumating ang isang malaking pagsubok, babagsak ang iba, ngunit makatatayo ka nang matatag: Dahil sa halaga na iyong binayaran, iingatan ka ng Diyos upang matatag kang makatayo at hindi bumagsak. Kung sa karaniwan ay naisasagawa mo ang katotohanan at nabibigyang-kasiyahan ang Diyos nang may pusong tunay na nagmamahal sa Kanya, tiyak na iingatan ka ng Diyos sa mga pagsubok sa hinaharap. Bagama't hangal ka at mababa ang katayuan at mahina ang kakayahan, hindi kikiling ang Diyos laban sa iyo. Batay ito sa kung ang iyong mga layunin ay tama. Ngayon, nabibigyang-kasiyahan mo ang Diyos, kung saan maasikaso ka sa pinakamaliliit na detalye, pinalulugod mo ang Diyos sa lahat ng bagay, mayroon kang pusong tunay na nagmamahal sa Diyos, ibinibigay mo ang tunay mong puso sa Diyos, at bagama't may ilang bagay na hindi mo maunawaan, kaya mong humarap sa Diyos upang maitama ang iyong mga intensyon, at hanapin ang kalooban ng Diyos, at ginagawa mo ang lahat na kailangan upang bigyang-kasiyahan ang Diyos. Marahil ay iiwan ka ng lahat ng iyong kapatid, ngunit palulugurin ng puso mo ang Diyos, at hindi mo pagnanasaan ang mga kasiyahan ng laman. Kung lagi kang nagsasagawa sa ganitong paraan, iingatan ka pagdating sa iyo ng malalaking pagsubok.

Hinango mula sa "Ang Pagmamahal Lamang sa Diyos ang Tunay na Pananampalataya sa Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa bawat hakbang ng gawain ng Diyos, may isang paraan na dapat makipagtulungan ang mga tao. Pinipino ng Diyos ang mga tao upang magkaroon sila ng pagtitiwala sa gitna ng mga pagpipino. Ginagawang perpekto ng Diyos ang mga tao upang magkaroon sila ng pagtitiwala na gawing perpekto ng Diyos at maging handang tanggapin ang Kanyang mga

pagpipino at ang pakikitungo at pagtatabas ng Diyos. Gumagawa ang Espiritu ng Diyos sa mga tao upang bigyan sila ng kaliwanagan at pagpapalinaw, at upang makipagtulungan sila sa Kanya at magsagawa. Ang Diyos ay hindi nagsasalita sa mga oras ng pagpipino. Hindi Niya ipinaparinig ang Kanyang tinig, ngunit mayroon pa ring gawaing dapat gawin ang mga tao. Dapat mong panindigan ang natamo mo na, dapat mo pa ring magawang manalangin sa Diyos, maging malapit sa Diyos, at tumayong saksi sa harap ng Diyos; sa ganitong paraan magagampanan mo ang iyong tungkulin. Dapat makita ninyong lahat nang malinaw mula sa gawain ng Diyos na kinakailangan sa Kanyang mga pagsubok sa tiwala at pagmamahal ng mga tao na lalo pa silang manalangin sa Diyos, at na mas madalas nilang lasapin ang mga salita ng Diyos sa Kanyang harapan. Kung nililiwanagan ka ng Diyos at ipinauunawa sa iyo ang Kanyang kalooban, subalit hindi mo isinasagawa ang anuman dito, wala kang mapapala. Kapag isinasagawa mo ang mga salita ng Diyos, dapat ay magawa mo pa ring manalangin sa Kanya, at kapag nilalasap mo ang Kanyang mga salita dapat kang humarap sa Kanya at maghangad at maging buo ang iyong tiwala sa Kanya, nang walang bahid ng pananamlay o panlalamig. Yaong mga hindi nagsasagawa ng mga salita ng Diyos ay masiglang-masigla sa mga oras ng pagtitipon, ngunit nagdidilim ang mundo pagkauwi nila. Mayroong ilan na ni ayaw magtipun-tipon. Kaya, kailangan mong makita nang malinaw kung anong tungkulin ang dapat tuparin ng mga tao. Maaaring hindi mo alam kung ano talaga ang kalooban ng Diyos, ngunit maaari mong gampanan ang iyong tungkulin, maaari kang manalangin kung kailan nararapat, maaari mong isagawa ang katotohanan kung kailan nararapat, at maaari mong gawin ang nararapat gawin ng mga tao. Maaari mong panindigan ang iyong orihinal na pananaw. Sa ganitong paraan, mas magagawa mong tanggapin ang susunod na hakbang ng gawain ng Diyos. Kapag tago ang paraan ng paggawa ng Diyos, problema iyan kung hindi ka maghahanap. Kapag Siya ay nagsasalita at nangangaral sa oras ng mga pagpupulong, masigasig kang nakikinig, ngunit kapag hindi Siya nagsasalita, wala kang sigla at umuurong ka. Anong klaseng tao ang

kumikilos nang ganito? Ito ay isang taong sumusunod lamang sa karamihan. Wala silang paninindigan, walang patotoo, at walang pananaw! Ganito ang karamihan sa mga tao. Kung magpapatuloy ka sa gayong paraan, balang araw kapag nagkaroon ka ng matinding pagsubok, babagsak ka sa kaparusahan. Ang pagkakaroon ng paninindigan ay napakahalaga sa proseso ng pagperpekto ng Diyos sa mga tao. Kung wala kang duda sa anumang hakbang ng gawain ng Diyos, kung ginagampanan mo ang tungkulin ng tao, kung tapat mong pinaninindigan ang ipinagagawa sa iyo ng Diyos, ibig sabihin, natatandaan mo ang mga payo ng Diyos, at anuman ang Kanyang gawin sa kasalukuyan ay hindi mo kinalilimutan ang Kanyang mga payo, kung wala kang duda tungkol sa Kanyang gawain, nananatili kang naninindigan, pinaninindigan mo ang iyong patotoo, at tagumpay ka sa lahat ng pagkakataon, sa bandang huli ay gagawin kang perpekto ng Diyos at gagawin kang isang mananagumpay. Kung nagagawa mong manindigan sa bawat hakbang ng mga pagsubok ng Diyos, at kung kaya mo pa ring manindigan hanggang sa pinakahuli, ikaw ay isang mananagumpay, isa kang taong nagawa nang perpekto ng Diyos.

Hinango mula sa “Dapat Mong Panatilihin ang Iyong Katapatan sa Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sumasailalim ka sa mga pagsubok kay Job, at kasabay nito ay sumasailalim ka sa mga pagsubok kay Pedro. Noong sinubok si Job, tumayo siyang saksi, at sa huli, ipinakita sa Kanya si Jehova. Pagkatapos niyang tumayong saksi, saka lamang siya naging karapat-dapat na makita ang mukha ng Diyos. Bakit sinabing: “Nagtatago Ako mula sa lupain ng karumihan ngunit ipinakikita Ko ang Aking Sarili sa banal na kaharian”? Ibig sabihin niyan ay kapag ikaw ay banal at tumatayong saksi, saka ka lamang magkakaroon ng dangal na makita ang mukha ng Diyos. Kung hindi ka makatayong saksi para sa Kanya, wala kang dangal para makita ang Kanyang mukha. Kung aatras ka o magrereklamo laban sa Diyos sa harap ng mga pagpipino, sa gayon ay bigo kang tumayong saksi para sa Kanya at pinagtatawanan ka ni Satanas, hindi mo makakamtan ang pagpapakita

ng Diyos. Kung katulad ka ni Job, na sa gitna ng mga pagsubok ay isinumpa ang kanyang sariling laman at hindi nagreklamo laban sa Diyos, at nagawang kamuhian ang kanyang sariling laman nang hindi nagrereklamo o nagkakasala sa pamamagitan ng kanyang mga salita, tatayo kang saksi. Kapag sumasailalim ka sa mga pagpipino kahit paano at kaya mo pa ring maging katulad ni Job, na lubos na masunurin sa harap ng Diyos at walang ibang mga kinakailangan sa Kanya o sarili mong mga pagkaintindi, magpapakita sa iyo ang Diyos. Ngayon ay hindi nagpapakita sa iyo ang Diyos dahil napakarami mong sariling mga pagkaintindi, personal na pagkiling, makasariling ideya, indibiduwal na pangangailangan at interes ng laman, at hindi ka karapat-dapat na makita ang Kanyang mukha. Kung makikita mo ang Diyos, susukatin mo Siya sa pamamagitan ng iyong sariling mga pagkaintindi, at dahil doon, ipapako mo Siya sa krus. Kung maraming bagay ang sumasapit sa iyo na hindi nakaayon sa iyong mga pagkaintindi ngunit nagagawa mong isantabi ang mga iyon at magtamo ng kaalaman tungkol sa mga kilos ng Diyos mula sa mga bagay na ito, at kung sa gitna ng mga pagpipino ay ipinapakita mo ang iyong pusong nagmamahal sa Diyos, ito ay pagtayong saksi.

Hinango mula sa “Yaong mga Gagawing Perpekto ay Kailangang Sumailalim sa Pagpipino” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang takot at pagkamasunurin ni Job sa Diyos ay isang halimbawa sa sangkatauhan, at ang kanyang pagka-perpekto at ang pagkamatuwid ay ang rurok ng pagkatao na dapat taglayin ng tao. Kahit hindi niya nakita ang Diyos, naintindihan niya na tunay na umiiral ang Diyos, at dahil sa pagkaintinding ito ay nagkaroon siya ng takot sa Diyos—at dahil sa takot niya sa Diyos, nagawa niyang sumunod sa Diyos. Binigyan niya ang Diyos ng kalayaan na kunin ang lahat ng kanyang pag-aari, subalit hindi siya nagreklamo, at nagpakumbaba siya sa harap ng Diyos at sinabi sa Kanya, sa oras na ito, na kahit na kunin ng Diyos ang kanyang laman, masaya niyang hahayaan na gawin ito ng Diyos, nang walang reklamo. Ang kanyang buong asal ay dahil sa kanyang perpekto at matuwid na pagkatao.

Ibig sabihin nito, bunga ng kanyang kawalang-sala, katapatan, at kabaitan, si Job ay naging matatag sa kanyang naintindihan at karanasan na tungkol sa pag-iral Diyos, at mula sa saligang ito inatasan niya ang kanyang sarili at gumawa ng pamantayan sa kanyang pag-iisip, pag-uugali, asal, at mga prinsipyo sa pagkilos sa harap ng Diyos na naayon sa patnubay ng Diyos sa kanya at sa mga gawa ng Diyos na nakita niya sa lahat ng bagay. Sa paglipas ng panahon, ang kanyang mga karanasan ay nagdulot ng tunay at totoong takot sa Diyos at nagawa niyang layuan ang kasamaan. Ito ang pinagmulan ng katapatan na mahigpit na pinanghawakan ni Job. Si Job ay may isang matapat, walang sala, at mabait na pagkatao, at siya ay mayroong tunay na karanasan ng pagkakaroon ng takot sa Diyos, pagsunod sa Diyos, at paglayo sa kasamaan, pati na rin ang kaalaman na "si Jehova ang nagbigay, at si Jehova ang nag-alis." Dahil sa mga bagay na ito lamang niya nagawang tumayo nang matatag sa kanyang patotoo sa gitna ng mapaminsalang pag-atake ni Satanas, at dahil sa mga ito lamang niya nagawang hindi biguin ang Diyos at magbigay ng kasiya-siyang sagot sa Diyos nang dumating ang Kanyang mga pagsubok.

Hinango mula sa "Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo II" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang pananampalataya, at pagkamasunurin ni Job, at ang kanyang patotoo sa pagtatagumpay laban kay Satanas ay mapagkukunan ng malaking tulong at lakas ng loob ng mga tao. Kay Job, sila ay nakakakita ng pag-asa para sa kanilang sariling kaligtasan, at nakita nila na sa pamamagitan ng pananampalataya, at pagsunod at takot sa Diyos, ganap na posibleng talunin si Satanas at manaig laban kay Satanas. Nakikita nila na hangga't hindi sila tumututol sa dakilang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos, at taglay nila ang determinasyon at pananampalataya na hindi itakwil ang Diyos matapos na mawala sa kanila ang lahat, maaari silang magdala ng kahihiyan at pagkatalo kay Satanas, at kailangan lamang nilang taglayin ang determinasyon at tiyaga upang manindigan sa kanilang patotoo—kahit na ito ay nangangahulugan ng

pagkawala ng kanilang mga buhay—upang maduwag at mabilisang sumuko si Satanas. Ang patotoo ni Job ay isang babala sa mga sumusunod na henerasyon, at ang babalang ito ay nagsasabi sa kanila na kung hindi nila tatalunin si Satanas, hindi nila kailanman magagawang makawala sa mga paratang at panghihimasok sa kanila ni Satanas, at hindi rin nila kailanman magagawang makatakas sa pang-aabuso at pag-atake ni Satanas. Ang patotoo ni Job ay nagbigay ng kaliwanagan sa mga sumunod na henerasyon. Itinuturo ng kaliwanagang ito sa mga tao na kung sila ay perpekto at matuwid, saka lamang nila magagawang magkaroon ng takot sa Diyos at lumayo sa kasamaan; itinuturo nito sa kanila na kapag sila ay may takot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan, saka lamang nila makakayanang magkaroon ng malakas at tumataginting na patotoo sa Diyos; kapag sila ay may malakas at umuugong na patotoo sa Diyos, saka lamang sila kailanman hindi na mapamamahalaan ni Satanas, at sila ay mabubuhay sa ilalim ng paggabay at pag-iingat ng Diyos—at doon lamang sila tunay na nailigtas. Ang personalidad ni Job at ang ginagawa niya sa kanyang buhay ay dapat tularan ng lahat ng nagnanais ng kaligtasan. Ang kanyang isinabuhay sa kanyang buong buhay at ang kanyang asal sa panahon ng kanyang mga pagsubok ay isang mahalagang kayamanan para sa lahat ng sumusunod sa daan ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at paglayo sa kasamaan.

Hinango mula sa “Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo II” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Noong siya ay kinakastigo ng Diyos, nanalangin si Pedro, “O Diyos! Ang aking laman ay masuwayin, at kinakastigo Mo ako at hinahatulan ako. Ako ay nagagalak sa Iyong pagkastigo at paghatol, at kahit hindi Mo ako nais, sa Iyong paghatol ay nakikita ko ang Iyong banal at matuwid na disposisyon. Kapag hinahatulan Mo ako, upang makita ng iba ang Iyong matuwid na disposisyon sa Iyong paghatol, ako ay nasisiyahan. Kung maipapahayag nito ang Iyong disposisyon at mapahihintulutan ang Iyong matuwid na disposisyon na makita ng lahat ng nilalang, at kung gagawin

nitong mas dalisay ang aking pagmamahal sa Iyo, upang maging kawangis ko ang isang matuwid, ang paghatol Mo ay mabuti, sapagkat gayon ang Iyong mapagpalang kalooban. Batid ko na puno pa rin ako ng panghihimagsik, at na ako ay hindi pa rin nararapat na lumapit sa harap Mo. Nais kong ako ay mas hatulan Mo pa, sa pamamagitan man ng isang malupit na kapaligiran o matitinding kapighatian. Anuman ang ginagawa Mo, para sa akin ito ay napakahalaga. Ang Iyong pag-ibig ay napakalalim, at handa akong ilagay ang aking sarili sa Iyong pagsasaayos nang walang munti mang pagdaing." Ito ang kaalaman ni Pedro pagkatapos niyang maranasan ang gawain ng Diyos, at ito rin ay isang patotoo sa kanyang pag-ibig sa Diyos. … Noong malapit na siyang mamatay, matapos siyang gawing perpekto, sinabi ni Pedro, "O Diyos! Kung ako ay mabubuhay ng ilan pang mga taon, nais kong magkaroon ng mas higit na dalisay at higit na malalim na pag-ibig sa Iyo." Noong siya ay ipapako na sa krus, nanalangin siya sa kanyang puso, "O Diyos! Ang Iyong panahon ay dumating na ngayon, ang panahong Iyong inihanda para sa akin ay dumating na. Ako ay dapat na maipako sa krus para sa Iyo, dapat akong magpatotoo nito sa Iyo, at umaasa ako na ang aking pag-ibig ay makatutugon sa Iyong mga pamantayan, at na ito ay mas higit pang magiging dalisay. Ngayon, ang mamatay para sa Iyo, at maipako sa krus para sa Iyo, ay nagbibigay kaginhawahan at katiyakan sa akin, sapagkat wala nang higit pang kasiya-siya sa akin kaysa sa mapako sa krus para sa Iyo at matugunan ang Iyong mga nais, at maibigay ang aking sarili sa Iyo, maialay ang aking buhay sa Iyo. O Diyos! Ikaw ay lubhang kaibig-ibig! Kung pahihintulutan Mo akong mabuhay, lalo pa akong magiging handang ibigin Ka. Habang ako ay nabubuhay, iibigin Kita. Nais kong ibigin Ka pa nang higit na malalim. Hinahatulan Mo ako, at kinakastigo at sinusubukan dahil ako ay hindi matuwid, dahil ako ay nagkasala. At ang Iyong matuwid na disposisyon ay nagiging higit na maliwanag sa akin. Ito ay isang pagpapala sa akin, sapagkat nagagawa kong ibigin Ka nang higit na malalim, at handa akong ibigin Ka sa ganitong paraan kahit na hindi Mo ako iniibig. Handa akong makita ang Iyong matuwid na disposisyon,

sapagkat mas nagkakaroon ako ng kakayahan upang isabuhay ang isang makabuluhang buhay. Nararamdaman ko na ang pamumuhay ko ngayon ay higit na may kabuluhan, sapagkat ipinapako ako sa krus para sa Iyong kapakanan, at makabuluhan ang mamatay para sa Iyo. Gayon pa man hindi pa rin ako nakakaramdam ng kasiyahan, sapagkat lubhang kakaunti ang nalalaman ko tungkol sa Iyo, batid ko na hindi ko ganap na matutupad ang Iyong mga nais, at kakaunti lamang ang napagbayaran ko sa Iyo. Sa aking buhay, hindi ko nakayang ibigay ang buong sarili ko sa Iyo. Malayo pa ako roon. Habang lumilingon ako sa sandaling ito, nararamdaman ko ang lubhang pagkakautang ko sa Iyo, at ang sandaling ito lamang ang mayroon ako upang makabawi sa lahat ng pagkakamali ko at lahat ng pag-ibig na hindi ko naibalik sa Iyo."

Hinango mula sa "Ang mga Karanasan ni Pedro: Ang Kanyang Kaalaman sa Pagkastigo at Paghatol" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ngayon, dapat mong mabatid kung paano malupig, at kung paano kumikilos ang mga tao matapos silang malupig. Maaari mong sabihin na nalupig ka na, ngunit makakasunod ka ba hanggang kamatayan? Kailangan mong magawang sumunod hanggang sa kahuli-hulihan mayroon mang anumang mga maaasam, at hindi ka dapat mawalan ng pananampalataya sa Diyos anuman ang sitwasyon. Sa huli, kailangan mong matamo ang dalawang aspeto ng patotoo: ang patotoo ni Job—pagsunod hanggang kamatayan; at ang patotoo ni Pedro—ang sukdulang pagmamahal sa Diyos. Sa isang banda, kailangan mong maging kagaya ni Job: nawala ang lahat ng kanyang ari-arian, at pinahirapan ng sakit ng katawan, subalit hindi niya tinalikuran ang pangalan ni Jehova. Ito ang patotoo ni Job. Nagawang mahalin ni Pedro ang Diyos hanggang kamatayan. Noong siya ay ipako sa krus at hinarap ang kanyang kamatayan, minahal pa rin niya ang Diyos; hindi niya inisip ang sarili niyang mga inaasam o hinangad ang magagandang pag-asa o maluluhong saloobin, at hinangad lamang niyang mahalin ang Diyos at sundin ang lahat ng plano ng Diyos. Iyan ang batayan na kailangan mong makamtan

bago ka maituring na nagpatotoo, bago ka maging isang tao na nagawang perpekto matapos na malupig.

Hinango mula sa “Ang Katotohanang Nakapaloob sa Gawain ng Panlulupig (2)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

38. Ang mga Prinsipyo ng Pagpili ng Landas sa Pananampalataya ng Isang Tao

(1) Kinakailangang hangaring magpasakop sa patnubay ng Banal na Espiritu. matamo ang gawain ng Banal na Espiritu, at isagawa at maranasan ang mga salita ng Diyos. Saka lamang makatutungtong sa tamang landas ng paniniwala sa Diyos;

(2) Kinakailangang malaman na si Cristo lamang ang katotohanan, ang daan, at ang buhay. Sumunod kay Cristo lamang; Hindi kailanman mali na magsagawa nang ayon sa Kanyang mga salita;

(3) Kinakailangang gayahin si Pedro sa pamamagitan ng malimit na pagmumuni-muni sa sarili at gumawa tungo sa pagkaunawa sa sariling pagkatao, naghahangad na mahalin ang Diyos sa sariling puso, at sinusuklian ang pagmamahal ng Diyos sa pamamagitan ng praktikal na kilos;

(4) Kinakailangang magtamo ng isang tumpak na pagkakaintindi sa kalooban ng Diyos alinsunod sa Kanyang kasalukuyang mga salita, at hangaring maunawaan ang katotohanan at makilala ang Diyos. Saka lamang maaaring makasunod ang isang tao sa daan ng Diyos.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Karamihan sa mga tao ay naniniwala sa Diyos alang-alang sa kanilang hantungan sa hinaharap, o para sa pansamantalang kaluguran. Para sa mga hindi pa napasailalim sa kahit anong pakikitungo, naniniwala sila sa Diyos upang makapasok sa langit, upang magkamit ng mga gantimpala. Hindi sila naniniwala sa Diyos upang magawang perpekto, o gampanan ang tungkulin ng isang nilalang ng Diyos. Na ibig sabihin ay na karamihan sa mga tao ay hindi naniniwala sa Diyos upang tuparin ang kanilang mga

responsibilidad, o tapusin ang kanilang tungkulin. Bihirang maniwala ang mga tao sa Diyos upang mamuhay nang makabuluhan, ni walang mga naniniwala na, dahil buhay ang tao, dapat niyang mahalin ang Diyos dahil itinalaga ng Langit at kinikilala ng lupa na gawin iyon, at ito ang likas na misyon ng tao. Sa ganitong paraan, bagama't pinagsisikapan ng bawat isa sa iba't ibang mga tao ang sarili nilang mga mithiin, ang layunin ng kanilang pagsisikap at ang motibo sa likod nito ay magkakaparehong lahat, at, bukod pa riyan, para sa karamihan sa kanila ang mga layon ng kanilang pagsamba ay malaki ang pagkakapareho. Sa nakaraang ilang libong taon, maraming mananampalataya ang nangamatay na, at marami nang namatay at muling isinilang. Hindi lamang isa o dalawang tao ang naghahanap sa Diyos, ni hindi isa o dalawang libo, subalit karamihan sa mga taong ito ay nagsisikap para sa kapakanan ng sarili nilang mga inaasam o kanilang maluluwalhating pag-asa para sa hinaharap. Yaong matatapat kay Cristo ay iilan lamang at malalayo ang agwat sa isa't isa. Namatay pa nga ang maraming debotong mananampalataya na nabitag sa sarili nilang mga patibong, at ang bilang ng mga taong naging matagumpay, bukod pa riyan, ay lubhang kakaunti. Hanggang sa araw na ito, hindi pa rin alam ng mga tao kung bakit sila nabibigo, o ang mga lihim ng kanilang tagumpay. Yaong mga nahuhumaling sa paghahanap kay Cristo ay hindi pa rin nagkaroon ng kanilang sandali ng biglang kabatiran, hindi pa nila narating ang kailaliman ng mga hiwagang ito, dahil hindi talaga nila alam. Bagama't pinagsisikapan nila ang kanilang hinahangad na matamo, ang landas na kanilang tinatahak ay ang landas ng kabiguan na minsang tinahak ng kanilang mga ninuno, at hindi ang landas ng tagumpay. Sa ganitong paraan, paano man sila naghahanap, hindi ba nila tinatahak ang landas patungong kadiliman? Hindi ba mapait na bunga ang kanilang natatamo? Mahirap mahulaan kung ang mga taong tumutulad sa mga nagtagumpay sa nakalipas na mga panahon ay hahantong sa mabuting kapalaran o sa kapahamakan sa huli. Gaano pa kaya kasahol ang mga posibilidad, kung gayon, para sa mga taong naghahangad sa pamamagitan ng pagsunod sa mga yapak ng mga nabigo? Hindi ba mas

malaki ang posibilidad na sila ay mabigo? Ano ang halaga ng landas na kanilang tinatahak? Hindi ba sila nag-aaksaya ng kanilang panahon? Tagumpay man o bigo ang mga tao sa kanilang pinagsisikapan, may isang dahilan, sa madaling salita, kaya nila iyon ginagawa, at hindi totoo na ang kanilang tagumpay o kabiguan ay matutukoy sa paghahangad kung paano nila gusto.

Hinango mula sa “Ang Tagumpay o Kabiguan ay Depende sa Landas na Tinatahak ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang pinakamahalagang kailangan sa pananampalataya ng tao sa Diyos ay na mayroon siyang matapat na puso, at na lubos niyang inilalaan ang kanyang sarili, at tunay siyang sumusunod. Ang pinakamahirap para sa tao ay ibigay ang kanyang buong buhay kapalit ng tunay na pananampalataya, at sa pamamagitan nito ay matamo niya ang buong katotohanan, at magampanan ang kanyang tungkulin bilang isang nilalang ng Diyos. Ito ang hindi kayang matamo ng mga nabibigo, at lalo pang hindi ito natatamo ng mga hindi makasumpong kay Cristo. Dahil ang tao ay hindi magaling sa buong paglalaan ng kanyang sarili sa Diyos, dahil ang tao ay hindi handang gampanan ang kanyang tungkulin sa Lumikha, dahil nakita na ng tao ang katotohanan ngunit iniiwasan ito at tumatahak sa kanyang sariling landas, dahil laging naghahanap ang tao sa pamamagitan ng pagsunod sa landas ng mga nabigo na, dahil laging sinusuway ng tao ang Langit, sa gayon, laging nabibigo ang tao, laging natatangay sa panlilinlang ni Satanas, at nabibitag sa sarili niyang patibong. Dahil hindi kilala ng tao si Cristo, dahil hindi sanay ang tao sa pag-unawa at pagdanas ng katotohanan, dahil masyadong sinasamba ng tao si Pablo at masyadong mapag-imbot sa langit, dahil laging hinihiling ng tao na sundin siya ni Cristo at inuutus-utusan niya ang Diyos, sa gayon yaong mga dakilang tao at yaong mga nakaranas na ng mga pagbabagong nangyayari sa mundo ay mortal pa rin, at namamatay pa rin sa gitna ng pagkastigo ng Diyos. Ang masasabi Ko lamang tungkol sa gayong mga tao ay na namamatay sila sa kalunus-lunos na paraan, at na ang bunga para sa kanila—ang kanilang

kamatayan—ay hindi walang katwiran. Hindi ba ang kanilang kabiguan ay lalo pang hindi mapapalampas sa batas ng Langit? Ang katotohanan ay nagmumula sa mundo ng tao, subalit ang katotohanang nasa tao ay ipinapasa ni Cristo. Ito ay nagmumula kay Cristo, ibig sabihin, mula sa Diyos Mismo, at hindi ito isang bagay na kaya ng tao. Subalit si Cristo ay naglalaan lamang ng katotohanan; hindi Siya pumaparito upang magpasiya kung ang tao ay magiging matagumpay sa kanyang paghahangad na matamo ang katotohanan. Sa gayon nangangahulugan ito na ang tagumpay o kabiguan sa katotohanan ay dahil lahat sa pinagsisikapang matamo ng tao. Ang tagumpay o kabiguan ng tao sa katotohanan ay hindi nagkaroon ng kinalaman kay Cristo kailanman, kundi sa halip ay nalalaman sa pamamagitan ng kanyang paghahangad. Ang hantungan at tagumpay o kabiguan ng tao ay hindi maaaring isisi sa Diyos, para ang Diyos Mismo ay magpasan nito, dahil hindi ito isang bagay na para sa Diyos Mismo, kundi direkta itong nauugnay sa tungkuling dapat gampanan ng mga nilalang ng Diyos. Karamihan sa mga tao ay mayroon talagang kaunting kaalaman tungkol sa pinagsisikapan at hantungan nina Pablo at Pedro, subalit wala ibang alam ang mga tao bukod sa mga kahihinatnan nina Pedro at Pablo, at wala silang alam tungkol sa lihim sa likod ng tagumpay ni Pedro, o sa mga kakulangang humantong sa kabiguan ni Pablo. Kaya nga, kung kayo ay lubos na walang kakayahang makakita sa kakanyahan ng kanilang pinagsisikapan, mabibigo pa rin ang pinagsisikapan ng karamihan sa inyo, at kahit may kaunti sa inyo na magtatagumpay, hindi pa rin sila makakapantay ni Pedro. Kung ang landas ng iyong pagsisikap ang siyang tama, may pag-asa kang magtagumpay; kung ang landas na iyong tinatahak sa paghahangad ng katotohanan ay mali, hindi mo makakayang magtagumpay magpakailanman, at hahantong sa katapusang katulad ng kay Pablo.

Hinango mula sa “Ang Tagumpay o Kabiguan ay Depende sa Landas na Tinatahak ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Si Pedro ay isang taong ginawang perpekto. Matapos makaranas ng

pagkastigo at paghatol, at sa gayo'y magtamo ng dalisay na pagmamahal sa Diyos, saka lamang siya lubos na nagawang perpekto; ang landas na kanyang tinahak ay ang landas para magawang perpekto. Na ibig sabihin ay, sa simula pa lamang, ang landas na tinahak ni Pedro ay yaong tama, at ang nagganyak sa kanya para manampalataya sa Diyos ay yaong tama, kaya nga siya ay naging isang taong ginawang perpekto at tumahak siya sa isang bagong landas na hindi pa dating natahak ng tao kailanman. Gayunman, ang landas na natahak ni Pablo sa simula pa lamang ay ang landas na pasalungat kay Cristo, at dahil lamang sa ninais ng Banal na Espiritu na kasangkapanin siya, at samantalahin ang kanyang mga talento at lahat ng kanyang kakayahan para sa Kanyang gawain, gumawa siya para kay Cristo sa loob ng ilang dekada. Isa lamang siyang tao na kinasangkapan ng Banal na Espiritu, at hindi siya kinasangkapan nang dahil sa maganda ang tingin ni Jesus sa kanyang pagkatao, kundi dahil sa kanyang mga talento. Nakagawa siya para kay Jesus dahil siya ay pinabagsak, hindi dahil masaya siyang gawin iyon. Nagawa niya ang gayong gawain dahil sa kaliwanagan at patnubay ng Banal na Espiritu, at ang gawaing kanyang ginawa ay hindi kumakatawan sa anumang paraan sa kanyang pinagsisikapang matamo, o sa kanyang pagkatao. Ang gawain ni Pablo ay kumatawan sa gawain ng isang lingkod, na ibig sabihin ay na ginawa niya ang gawain ng isang apostol. Si Pedro, gayunpaman, ay kaiba: Gumawa rin siya ng ilang gawain; hindi ito kasindakila ng gawain ni Pablo, ngunit gumawa siya habang pinagsisikapan ang kanyang sariling pagpasok, at ang kanyang gawain ay kaiba sa gawain ni Pablo. Ang gawain ni Pedro ay ang gampanan ang tungkulin ng isang nilalang ng Diyos. Hindi siya gumanap sa papel ng isang apostol, kundi gumawa habang pinagsisikapang mahalin ang Diyos. Ang gawain ni Pablo ay naglaman din ng personal na pinagsisikapan niyang matamo: Ang kanyang pinagsisikapan ay walang iba kundi para sa kapakanan ng kanyang mga inaasam para sa hinaharap, at ng kanyang paghahangad sa isang magandang hantungan. Hindi siya tumanggap ng pagpipino sa panahon ng kanyang gawain, ni hindi siya tumanggap ng pagtatabas at pakikitungo.

Naniwala siya na basta’t ang gawaing kanyang ginawa ay nakatupad sa naisin ng Diyos, at lahat ng kanyang ginawa ay nakalugod sa Diyos, isang gantimpala ang naghintay sa kanya sa huli. Walang personal na mga karanasan sa kanyang gawain—lahat ng iyon ay para sa sariling kapakanan nito, at hindi isinagawa sa gitna ng paghahangad ng pagbabago. Lahat sa kanyang gawain ay isang transaksyon, hindi ito naglaman ng anuman sa tungkulin o pagpapasakop ng isang nilalang ng Diyos. Habang patuloy ang kanyang gawain, walang nangyaring pagbabago sa dating disposisyon ni Pablo. Ang kanyang gawain ay paglilingkod lamang sa iba, at hindi kayang magdulot ng mga pagbabago sa kanyang disposisyon. Isinagawa ni Pablo ang kanyang gawain nang tuwiran, nang hindi siya nagagawang perpekto o napapakitunguhan, at siya ay naganyak ng gantimpala. Iba si Pedro: Isa siyang taong sumailalim na sa pagtatabas at pakikitungo at sumailalim na sa pagpipino. Ang layunin at pangganyak ng gawain ni Pedro ay talagang naiiba kaysa kay Pablo. Bagama’t hindi gumawa si Pedro ng maraming gawain, ang kanyang disposisyon ay sumailalim sa maraming pagbabago, at ang kanyang hinanap ay ang katotohanan, at tunay na pagbabago. Ang kanyang gawain ay hindi isinagawa para lamang sa kapakanan ng gawain mismo. Bagama’t maraming gawaing ginawa si Pablo, lahat ng iyon ay gawain ng Banal na Espiritu, at kahit nakipagtulungan si Pablo sa gawaing ito, hindi niya ito naranasan. Kaya gumawa si Pedro ng mas kakaunting gawain ay dahil lamang sa hindi gumawa ng maraming gawain ang Banal na Espiritu sa pamamagitan niya. Ang dami ng kanilang gawain ay hindi tinukoy kung sila man ay ginawang perpekto; ang pinagsikapan ng isa ay upang tumanggap ng mga gantimpala, at ng isa naman ay upang magkaroon ng sukdulang pagmamahal sa Diyos, at gampanan ang kanyang tungkulin bilang isang nilalang ng Diyos, hanggang sa maaari na niyang isabuhay ang isang kaibig-ibig na imahe upang mapalugod ang naisin ng Diyos. Sa panlabas na anyo sila ay magkaiba, gayundin ang kanilang mga kakanyahan. Hindi mo matutukoy kung sino sa kanila ang ginawang perpekto batay sa kung gaano karami ang ginawa nilang gawain. Hinangad ni Pedro na isabuhay

ang larawan ng isang taong nagmamahal sa Diyos, maging isang taong sumunod sa Diyos, maging isang taong tumanggap ng pakikitungo at pagtatabas, at maging isang taong gumanap sa kanyang tungkulin bilang isang nilalang ng Diyos. Nagawa niyang italaga ang kanyang sarili sa Diyos, ilagak ang kanyang kabuuan sa mga kamay ng Diyos, at sundin Siya hanggang kamatayan. Iyon ang kanyang ipinasiyang gawin at, bukod pa riyan, iyon ang kanyang nakamit. Ito ang pangunahing dahilan kaya iba ang kanyang kinahinatnan sa kinahinatnan ni Pablo. Ang gawaing ginawa ng Banal na Espiritu kay Pedro ay upang gawin siyang perpekto, at ang gawaing ginawa ng Banal na Espiritu kay Pablo ay ang kasangkapanin siya. Iyan ay dahil ang kanilang likas na pagkatao at kanilang mga pananaw tungo sa paghahangad ay hindi pareho. Pareho nilang taglay ang gawain ng Banal na Espiritu. Inangkop ni Pedro ang gawaing ito sa kanyang sarili, at ibinigay rin ito sa iba; samantala, si Pablo naman ay nagkaloob lamang ng kabuuan ng gawain ng Banal na Espiritu sa iba, at walang natamo mismo mula rito. Sa ganitong paraan, matapos niyang maranasan ang gawain ng Banal na Espiritu sa loob ng maraming taon, halos walang ipinagbago si Pablo. Nanatili pa rin siya halos sa kalagayan ng kanyang likas na pagkatao, at siya pa rin ang dating Pablo. Kaya lamang, matapos magtiis ng paghihirap sa maraming taon ng paggawa, natuto siyang “gumawa,” at natutong magtiis, ngunit ang kanyang dating likas na pagkatao—ang likas niyang hilig na makipagpaligsahan at pumatay—ay nanatili pa rin. Matapos gumawa sa loob ng napakaraming taon, hindi niya alam ang kanyang tiwaling disposisyon, ni hindi niya naalis sa kanyang sarili ang kanyang dating disposisyon, at malinaw pa rin iyong nakita sa kanyang gawain. Mas marami lamang siyang karanasan sa paggawa, ngunit hindi siya kayang baguhin ng gayon katiting na karanasan at hindi kanyang baguhin ang kanyang mga pananaw tungkol sa pag-iral o sa kabuluhan ng kanyang pinagsisikapang matamo. Bagama’t gumawa siya sa loob ng maraming taon para kay Cristo, at hindi na muling inusig ang Panginoong Jesus kailanman, sa kanyang puso ay walang pagbabago sa kanyang kaalaman tungkol sa Diyos. Nangangahulugan ito na hindi siya

gumawa upang ilaan ang kanyang sarili sa Diyos, kundi sa halip ay napilitan siyang gumawa para sa kapakanan ng kanyang hantungan sa hinaharap. Sapagkat, sa simula, inusig niya si Cristo, at hindi siya nagpasakop kay Cristo; siya ay likas na isang rebelde na sadyang kumontra kay Cristo, at isang taong walang alam tungkol sa gawain ng Banal na Espiritu. Nang halos patapos na ang kanyang gawain, hindi pa rin niya alam ang gawain ng Banal na Espiritu, at kumilos lamang sa sarili niyang kusa batay sa kanyang sariling pagkatao, nang hindi nagbibigay ni kaunting pansin sa kalooban ng Banal na Espiritu. Kaya nga ang kanyang likas na pagkatao ay napopoot kay Cristo at hindi sumunod sa katotohanan. Ang isang taong kagaya nito, na tinalikdan na ng gawain ng Banal na Espiritu, na hindi alam ang gawain ng Banal na Espiritu, at kumontra din kay Cristo—paano kaya maililigtas ang gayong tao? Maaari mang mailigtas ang tao o hindi ay hindi nakasalalay sa kung gaano karaming gawain ang kanyang ginagawa, o kung gaano siya nakalaan, kundi sa halip ay natutukoy sa kung alam niya o hindi ang gawain ng Banal na Espiritu, kung kaya niya o hindi na isagawa ang katotohanan, at kung nakaayon o hindi ang kanyang mga pananaw sa pagsisikap na matamo ang katotohanan.

Hinango mula sa “Ang Tagumpay o Kabiguan ay Depende sa Landas na Tinatahak ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ginawang perpekto si Pedro sa pamamagitan ng pagdanas ng pakikitungo at pagpipino. Sabi niya, “Kailangan kong bigyang-kasiyahan ang naisin ng Diyos sa lahat ng oras. Sa lahat ng aking ginagawa, ang hangad ko lamang ay mabigyang-kasiyahan ang kalooban ng Diyos, at kung ako man ay kinakastigo o hinahatulan, masaya pa rin akong gawin iyon.” Ibinigay ni Pedro ang lahat-lahat niya sa Diyos, at lahat ng kanyang gawain, mga salita, at buong buhay ay alang-alang sa pagmamahal sa Diyos. Isa siyang taong naghangad ng kabanalan, at nang lalo siyang nakaranas, lalong lumago ang kanyang pagmamahal sa Diyos sa kaibuturan ng kanyang puso. Si Pablo, samantala, ay gumawa lamang ng

panlabas na gawain, at bagama’t nagsumikap din siya nang husto, ang kanyang mga pagpapagal ay para magawa nang wasto ang kanyang gawain at sa gayon ay magtamo ng gantimpala. Kung nalaman lamang niya na hindi siya tatanggap ng gantimpala, isinuko na sana niya ang kanyang gawain. Ang pinahalagahan ni Pedro ay ang tunay pagmamahal sa kanyang puso, at yaong praktikal at maaaring makamit. Hindi niya pinahalagahan kung tumanggap man siya ng gantimpala, kundi kung ang kanyang disposisyon ay maaaring mabago. Ang pinahalagahan ni Pablo ay ang magsumikap pa nang husto, pinahalagahan niya ang panlabas na gawain at debosyon, at tungkol sa mga doktrinang hindi naranasan ng normal na mga tao. Hindi niya pinahalagahan ang mga pagbabago sa kanyang kaibuturan ni sa tunay na pagmamahal sa Diyos. Ang mga karanasan ni Pedro ay upang magkamit ng tunay na pagmamahal at totoong kaalaman tungkol sa Diyos. Ang kanyang mga karanasan ay upang higit siyang mapalapit sa Diyos, at magkaroon ng isang praktikal na pamumuhay. Ang gawain ni Pablo ay ginawa dahil doon sa ipinagkatiwala sa kanya ni Jesus, at upang matamo ang mga bagay na kanyang inasam, subalit walang kaugnayan ang mga ito sa kanyang kaalaman tungkol sa kanyang sarili at sa Diyos. Ang kanyang gawain ay para lamang matakasan ang pagkastigo at paghatol. Ang hinangad ni Pedro ay dalisay na pagmamahal, at ang hinangad naman ni Pablo ay ang korona ng katuwiran. Naranasan ni Pedro ang maraming taon ng gawain ng Banal na Espiritu, at nagkaroon ng isang praktikal na kaalaman tungkol kay Cristo, gayundin ang isang malalim na kaalaman tungkol sa kanyang sarili. Kaya nga, ang kanyang pagmamahal sa Diyos ay dalisay. Ang maraming taon ng pagpipino ay nagpayaman sa kanyang kaalaman tungkol kay Jesus at sa buhay, at ang kanyang pagmamahal ay isang pagmamahal na walang kundisyon, isa iyong pagmamahal na kusang-loob, at wala siyang hiniling na anuman bilang kapalit, ni hindi siya umasa sa anumang mga pakinabang. Gumawa si Pablo nang maraming taon, subalit hindi siya nagkaroon ng malaking kaalaman tungkol kay Cristo, at ang kanyang kaalaman tungkol sa kanyang sarili ay napakaliit. Wala talaga siyang

pagmamahal kay Cristo, at ang kanyang gawain at ang daan na kanyang tinahak ay upang magkamit ng huling putong. Ang kanyang hinangad ay ang pinakamagandang korona, hindi ang pinakadalisay na pagmamahal. Hindi siya aktibong naghangad, kundi wala lamang siyang kibo; hindi niya ginampanan ang kanyang tungkulin, kundi napilitan sa kanyang pagsisikap matapos mahuli ng gawain ng Banal na Espiritu. Kaya nga, ang kanyang pagsisikap ay hindi nagpapatunay na siya ay karapat-dapat na nilalang ng Diyos; si Pedro ang karapat-dapat na nilalang ng Diyos na gumanap ng kanyang tungkulin. Iniisip ng tao na lahat ng nag-aambag sa Diyos ay dapat tumanggap ng gantimpala, at na kapag mas malaki ang ambag, mas iniisip nila na dapat silang makatanggap ng paglingap ng Diyos. Ang diwa ng pananaw ng tao ay transaksyonal, at hindi siya aktibong naghahangad na gampanan ang kanyang tungkulin bilang isang nilalang ng Diyos. Para sa Diyos, kapag mas naghahangad ang mga tao na tunay na mahalin ang Diyos at lubos na sundin ang Diyos, na nangangahulugan din ng paghahangad na gampanan ang kanilang tungkulin bilang isang nilalang ng Diyos, lalo nilang nagagawang makamit ang pagsang-ayon ng Diyos. Ang pananaw ng Diyos ay upang hilingin na mabawi ng tao ang kanyang orihinal na tungkulin at katayuan. Ang tao ay isang nilalang ng Diyos, kaya nga hindi dapat magmalabis ang tao sa paghingi ng anuman sa Diyos, at wala na siyang dapat gawin maliban sa gampanan ang kanyang tungkulin bilang isang nilalang ng Diyos. Ang mga patutunguhan nina Pablo at Pedro ay nasukat ayon sa kung kaya nilang gampanan ang kanilang tungkulin bilang mga nilalang ng Diyos, at hindi ayon sa laki ng kanilang ambag; ang kanilang mga patutunguhan ay natutukoy ayon doon sa kanilang hinangad sa simula pa lamang, hindi ayon sa kung gaano kalaking gawain ang kanilang ginawa, o sa pagtantiya ng ibang mga tao sa kanila. Kaya nga, ang paghahangad na aktibong gampanan ang tungkulin ng isang tao bilang isang nilalang ng Diyos ang landas tungo sa tagumpay; ang paghahangad sa landas ng tunay na pagmamahal sa Diyos ang pinakatamang landas; ang paghahangad sa mga pagbabago sa dating disposisyon ng isang tao, at paghahangad ng dalisay na pagmamahal sa Diyos, ang landas tungo sa

tagumpay. Ang landas na iyon tungo sa tagumpay ang landas ng pagbawi sa orihinal na tungkulin gayundin sa orihinal na anyo ng isang nilalang ng Diyos. Ito ang landas ng pagbawi, at ito rin ang layunin ng lahat ng gawain ng Diyos mula simula hanggang katapusan. Kung ang paghahangad ng tao ay nababahiran ng personal na maluluhong paghiling at hindi makatwirang mga pag-asam, ang epektong natatamo ay hindi ang mga pagbabago sa disposisyon ng tao. Salungat ito sa gawain ng pagbawi. Walang duda na hindi ito ang gawaing ginawa ng Banal na Espiritu, kaya nga nagpapatunay ito na ang ganitong klaseng paghahangad ay hindi sinang-ayunan ng Diyos. Ano ang kabuluhan ng isang paghahangad na hindi sinang-ayunan ng Diyos?

Hinango mula sa “Ang Tagumpay o Kabiguan ay Depende sa Landas na Tinatahak ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang gawaing ginawa ni Pablo ay ipinakita sa harap ng tao, ngunit kung gaano kadalisay noon ang kanyang pagmamahal sa Diyos at gaano niya minahal ang Diyos sa kaibuturan ng kanyang puso—ang mga bagay na ito ay hindi nakikita ng tao. Namamasdan lamang ng tao ang gawaing kanyang ginawa, kung saan nalalaman ng tao na tiyak na siya ay kinasangkapan ng Banal na Espiritu, kaya nga iniisip ng tao na mas mabuti si Pablo kaysa kay Pedro, na mas dakila ang kanyang gawain, sapagkat nagawa niyang tustusan ang mga iglesia. Umasa lamang si Pedro sa kanyang mga personal na karanasan at iilang tao lamang ang natamo sa kanyang panaka-nakang gawain. Mula sa kanya iilan lamang ang di-gaanong kilalang mga sulat, ngunit sino ang nakakaalam kung gaano kadakila ang kanyang pagmamahal sa Diyos sa kaibuturan ng kanyang puso? Araw-araw, gumawa si Pablo para sa Diyos: Basta’t may gawaing gagawin, ginawa niya iyon. Nadama niya na sa ganitong paraan ay magkakamit siya ng korona, at mabibigyang-kasiyahan ang Diyos, subalit hindi siya naghanap ng mga paraan para baguhin ang kanyang sarili sa pamamagitan ng kanyang gawain. Anuman sa buhay ni Pedro na hindi nagbigay-kasiyahan sa naisin ng Diyos ay nakaligalig sa kanya. Kung hindi

iyon nakalugod sa naisin ng Diyos, nakadama siya ng taos na pagsisisi, at naghanap ng angkop na paraan para mapagsikapan niyang mapalugod ang puso ng Diyos. Kahit sa pinakamaliit at pinaka-walang-kabuluhang mga aspeto ng kanyang buhay, kusa pa rin niyang pinalugod ang naisin ng Diyos. Gayon din siya katindi pagdating sa kanyang dating disposisyon, laging mahigpit sa kanyang mga hinihingi sa kanyang sarili upang sumulong nang mas malalim sa katotohanan. Hinangad lamang ni Pablo ang mababaw na reputasyon at katayuan. Hinangad niyang ipagyabang ang kanyang sarili sa harap ng tao, at hindi naghangad na sumulong nang mas malalim sa kanyang pagpasok sa buhay. Ang kanyang pinahalagahan ay ang doktrina, hindi ang realidad. Sabi ng ilang tao, “Napakaraming ginawa ni Pablo para sa Diyos, bakit hindi siya naalaala ng Diyos? Gumawa lamang si Pedro ng kaunting gawain para sa Diyos, at hindi malaki ang iniambag sa mga iglesia, kaya bakit siya ginawang perpekto?” Minahal ni Pedro ang Diyos kahit paano, na siyang kinailangan ng Diyos; ang gayong mga tao lamang ang may patotoo. At ano naman ang kay Pablo? Gaano minahal ni Pablo ang Diyos? Alam mo ba? Para saan ba ginawa ang gawain ni Pablo? At para saan ginawa ang gawain ni Pedro? Hindi gaanong marami ang ginawang gawain ni Pedro, ngunit alam mo ba kung ano ang nasa kaibuturan ng kanyang puso? Ang gawain ni Pablo ay ukol sa pagtustos sa mga iglesia, at sa suporta ng mga iglesia. Ang naranasan ni Pedro ay mga pagbabago sa kanyang disposisyon sa buhay; naranasan niyang mahalin ang Diyos. Ngayong alam mo na ang mga pagkakaiba sa kanilang mga kakanyahan, makikita mo kung sino, sa bandang huli, ang tunay na naniwala sa Diyos, at sino ang hindi tunay na naniwala sa Diyos. Ang isa sa kanila ay tunay na nagmahal sa Diyos, at ang isa pa ay hindi tunay na nagmahal sa Diyos; ang isa ay sumailalim sa mga pagbabago sa kanyang disposisyon, at ang isa pa ay hindi; ang isa ay mapagpakumbabang naglingkod, at hindi madaling napansin ng mga tao, at ang isa pa ay sinamba ng mga tao, at naging dakila sa paningin nila; ang isa ay naghangad ng kabanalan, at ang isa pa ay hindi, at bagama’t hindi siya marumi, hindi siya nag-angkin ng isang dalisay na pagmamahal; ang

isa ay nag-angkin ng totoong pagkatao, at ang isa pa ay hindi; ang isa ay nag-angkin ng katinuan ng isang nilalang ng Diyos, at ang isa pa ay hindi. Gayon ang mga pagkakaiba sa mga kakanyahan nina Pablo at Pedro. Ang landas na tinahak ni Pedro ay ang landas ng tagumpay, na siya ring landas ng pagkakamit ng pagbawi sa normal na pagkatao at pagbawi sa tungkulin ng isang nilalang ng Diyos. Kinakatawan ni Pedro ang lahat ng taong tagumpay. Ang landas na tinahak ni Pablo ay ang landas ng kabiguan, at kinakatawan niya ang lahat ng nagpapasakop lamang at ginugugol ang kanilang sarili nang paimbabaw, at hindi tunay na nagmamahal sa Diyos. Kinakatawan ni Pablo ang lahat ng hindi nagtataglay ng katotohanan. Sa kanyang paniniwala sa Diyos, hinangad ni Pedro na bigyang-kasiyahan ang Diyos sa lahat ng bagay, at hinangad na sundin ang lahat ng nagmula sa Diyos. Wala ni katiting na reklamo, nagawa niyang tanggapin ang pagkastigo at paghatol, gayundin ang pagpipino, kapighatian at kakulangan sa kanyang buhay, at walang isa man dito na maaaring magpabago sa kanyang pagmamahal sa Diyos. Hindi ba ito ang sukdulang pagmamahal sa Diyos? Hindi ba ito ang katuparan ng tungkulin ng isang nilalang ng Diyos? Sa pagkastigo man, paghatol, o kapighatian, lagi kang may kakayahang maging masunurin hanggang kamatayan, at ito ang dapat makamit ng isang nilalang ng Diyos, ito ang kadalisayan ng pagmamahal sa Diyos. Kung makakamtan ng tao ang ganito, siya ay isang angkop na nilalang ng Diyos, at wala nang ibang mas nagbibigay-kasiyahan sa naisin ng Lumikha. Ipagpalagay nang nakakagawa ka para sa Diyos, subalit hindi ka sumusunod sa Diyos, at hindi mo kayang tunay na mahalin ang Diyos. Sa ganitong paraan, hindi mo lamang hindi natupad ang tungkulin ng isang nilalang ng Diyos, kundi ikukondena ka rin ng Diyos, dahil ikaw ay isang taong hindi nagtataglay ng katotohanan, na walang kakayahang sumunod sa Diyos, at suwail sa Diyos. Pinahahalagahan mo lamang ang paggawa para sa Diyos, at hindi mo pinahahalagahan ang pagsasagawa ng katotohanan o pagkilala sa iyong sarili. Hindi mo nauunawaan o nakikilala ang Lumikha, at hindi mo sinusunod o minamahal ang Lumikha. Ikaw ay isang taong likas na suwail sa Diyos, kaya nga ang gayong mga tao ay

hindi minamahal ng Lumikha.

Hinango mula sa “Ang Tagumpay o Kabiguan ay Depende sa Landas na Tinatahak ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kapag sinusukat ng tao ang iba, ginagawa niya iyon ayon sa kanilang naging ambag. Kapag sinusukat ng Diyos ang tao, ginagawa Niya iyon ayon sa likas na pagkatao ng tao. Sa mga naghahangad ng buhay, si Pablo ay isang taong hindi alam ang sarili niyang diwa. Hindi siya mapagpakumbaba o masunurin, sa anumang paraan, ni hindi niya alam ang kanyang kakanyahan, na salungat sa Diyos. Kaya nga, siya ay isang taong hindi pa sumailalim sa mga detalyadong karanasan, at isang taong hindi nagsagawa ng katotohanan. Iba si Pedro. Alam niya ang kanyang mga pagkakamali, kahinaan, at tiwaling disposisyon bilang isang nilalang ng Diyos, kaya nga nagkaroon siya ng isang landas ng pagsasagawa na naging daan upang magbago ang kanyang disposisyon; hindi siya isa sa mga mayroon lamang doktrina ngunit hindi nagtaglay ng realidad. Yaong mga nagbabago ay mga baguhan na naligtas na, sila yaong mga karapat-dapat sa pagsisikap na matamo ang katotohanan. Ang mga taong hindi nagbabago ay kabilang sa mga natural na laos na; sila yaong mga hindi naligtas, ibig sabihin, yaong mga kinamuhian at tinanggihan ng Diyos. Hindi sila maaalaala ng Diyos gaano man kadakila ang kanilang gawain. Kapag ikinumpara mo ito sa sarili mong pagsisikap, kapareho ka man ni Pedro o ni Pablo sa huli ay dapat maging malinaw. Kung wala pa ring katotohanan sa iyong hinahanap, at kung kahit ngayon ay mayabang ka pa rin at walang-pakundangan na kagaya ni Pablo, at magaling ka pa ring magsalita at mayabang na katulad niya, walang duda na isa kang masamang tao na nabibigo. Kung hinahangad mo ang hinangad ni Pedro, kung hinahangad mo ang mga pagsasagawa at tunay na mga pagbabago, at hindi ka mayabang o matigas ang ulo, kundi hinahangad mong gampanan ang iyong tungkulin, ikaw ay magiging nilalang ng Diyos na kayang magtagumpay.

Hinango mula sa “Ang Tagumpay o Kabiguan ay Depende sa Landas na Tinatahak ng Tao” sa

Lahat ng hinangad ni Pedro ay kaayon ng puso ng Diyos. Hinangad niyang isakatuparan ang naisin ng Diyos, at kahit nagdusa at nahirapan, naging handa pa rin siyang tuparin ang naisin ng Diyos. Wala nang hihigit pang paghahangad ng isang mananampalataya ng Diyos. Ang hinangad ni Pablo ay may bahid ng kanyang sariling laman, ng kanyang sariling mga palagay, at ng kanyang sariling mga plano at pakana. Hindi siya karapat-dapat na nilalang ng Diyos sa anumang paraan, hindi siya isang taong naghangad na tuparin ang naisin ng Diyos. Hinangad ni Pedro na magpasakop sa mga pagsasaayos ng Diyos, at bagama't ang gawaing kanyang ginawa ay hindi malaki, ang pangganyak sa likod ng kanyang pagsisikap at ang landas na kanyang tinahak ay tama; bagama't hindi siya nakakuha ng maraming tao, nagawa niyang sundan ang daan ng katotohanan. Dahil dito masasabi na siya ay isang karapat-dapat na nilalang ng Diyos. Ngayon, kahit hindi ka isang manggagawa, dapat mong magawang gampanan ang tungkulin ng isang nilalang ng Diyos, at hangaring magpasakop sa lahat ng pagsasaayos ng Diyos. Dapat mong masunod ang anumang sinasabi ng Diyos, at maranasan ang lahat ng klase ng mga kapighatian at pagpipino, at bagama't ikaw ay mahina, sa puso mo ay dapat mo pa ring magawang mahalin ang Diyos. Yaong mga nananagot para sa sarili nilang buhay ay handang gampanan ang tungkulin ng isang nilalang ng Diyos, at ang pananaw ng gayong mga tao tungkol sa paghahangad ang siyang tama. Sila ang mga taong kailangan ng Diyos. Kung marami kang ginawang gawain, at nakamit ng iba ang iyong mga turo, ngunit ikaw mismo ay hindi nagbago, at hindi nagbahagi ng anumang patotoo, o nagkaroon ng anumang tunay na karanasan, sa gayo'y sa katapusan ng iyong buhay, wala pa rin sa iyong mga nagawa ang nagpapatotoo, nagbago ka na nga ba? Isa ka bang taong naghahangad na matamo ang katotohanan? Sa pahanong iyon, kinasangkapan ka ng Banal na Espiritu, ngunit nang kasangkapanin ka Niya, ginamit Niya ang bahagi mo na maaaring gamitin para gumawa, at hindi Niya ginamit ang bahagi

mo na hindi magagamit. Kung hinangad mong magbago, unti-unti kang magagawang perpekto habang kinakasangkapan ka. Subalit walang tinatanggap na responsibilidad ang Banal na Espiritu kung makakamit ka o hindi sa huli, at depende ito sa pamamaraan ng iyong paghahangad. Kung walang mga pagbabago sa iyong personal na disposisyon, iyan ay dahil mali ang iyong pananaw tungo sa paghahangad. Kung hindi ka gantimpalaan, sarili mo nang problema iyon, at dahil hindi mo mismo naisagawa ang katotohanan at hindi mo matupad ang naisin ng Diyos. Kaya nga, wala nang mas mahalaga pa kaysa sa personal mong mga karanasan, at walang mas mahalaga kaysa sa personal mong pagpasok! Sa huli ay sasabihin ng ilang tao, “Napakarami kong nagawang gawain para sa Iyo, at bagama’t maaaring wala akong nagawang naging tanyag, naging masigasig pa rin ako sa aking mga pagsisikap. Hindi Mo ba ako maaaring papasukin na lamang sa langit para kainin ang bunga ng buhay?” Kailangan mong malaman kung anong uri ng mga tao ang Aking nais; yaong mga hindi dalisay ay hindi pinapayagang makapasok sa kaharian, yaong mga hindi dalisay ay hindi pinahihintulutang dungisan ang banal na lupain. Bagama’t maaaring marami kang nagawang gawain, at gumawa ka sa loob ng maraming taon, sa huli kung kalunus-lunos pa rin ang iyong karumihan, hindi katanggap-tanggap sa batas ng Langit na nais mong pumasok sa Aking kaharian! Mula sa pundasyon ng mundo hanggang ngayon, hindi Ako kailanman nakapag-alok ng madaling daan patungo sa Aking kaharian para sa mga humihingi ng pabor sa Akin. Ito ay isang panuntunan sa langit, at walang sinumang makasusuway rito! Kailangan mong hangarin ang buhay. Ngayon, yaong mga gagawing perpekto ay kauri ni Pedro: Sila yaong mga naghahangad ng mga pagbabago sa kanilang sariling disposisyon, at handang magpatotoo sa Diyos at gampanan ang kanilang tungkulin bilang nilalang ng Diyos. Ang ganitong mga tao lamang ang gagawing perpekto. Kung umaasa ka lang sa mga gantimpala, at hindi mo hinahangad na baguhin ang iyong sariling disposisyon sa buhay, lahat ng iyong pagsisikap ay mawawalan ng saysay—at ito ay isang katotohanang hindi mababago!

Hinango mula sa “Ang Tagumpay o Kabiguan ay Depende sa Landas na Tinatahak ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Mula sa pagkakaiba sa mga kakanyahan nina Pedro at Pablo dapat mong maunawaan na lahat ng hindi naghahangad ng buhay ay gumagawa nang walang saysay! Naniniwala ka sa Diyos at sumusunod sa Kanya, kaya nga sa puso mo ay kailangan mong mahalin ang Diyos. Kailangan mong isantabi ang iyong tiwaling disposisyon, kailangan mong hangaring matupad ang naisin ng Diyos, at kailangan mong gampanan ang tungkulin ng isang nilalang ng Diyos. Dahil naniniwala at sumusunod ka sa Diyos, dapat mong ialay ang lahat sa Kanya, at hindi ka dapat gumawa ng mga personal na pagpili o paghingi, at dapat mong makamit ang katuparan ng naisin ng Diyos. Dahil ikaw ay nilikha, dapat mong sundin ang Panginoong lumikha sa iyo, sapagkat ikaw ay likas na walang kapamahalaan sa iyong sarili, at walang kakayahang kontrolin ang sarili mong tadhana. Dahil isa kang taong naniniwala sa Diyos, dapat kang maghangad ng kabanalan at pagbabago. Dahil ikaw ay isang nilalang ng Diyos, dapat kang sumunod sa iyong tungkulin, at manatili sa iyong lugar, at huwag kang lumampas sa iyong tungkulin. Ito ay hindi upang pigilan ka, o supilin ka sa pamamagitan ng doktrina, kundi sa halip ay ang landas na makakatulong upang magampanan mo ang iyong tungkulin, at makakamit ito—at dapat makamit—ng lahat ng gumagawa ng katuwiran. Kung pagkukumparahin mo ang mga kakanyahan nina Pedro at Pablo, malalaman mo kung paano ka dapat maghangad. Sa mga landas na tinahak nina Pedro at Pablo, ang isa ay ang landas para magawang perpekto, at ang isa pa ay ang landas ng pag-aalis; sina Pedro at Pablo ay kumakatawan sa dalawang magkaibang landas. Bagama’t bawat isa ay tumanggap ng gawain ng Banal na Espiritu, at bawat isa ay nagtamo ng kaliwanagan at pagpapalinaw ng Banal na Espiritu, at bawat isa ay tinanggap yaong naipagkatiwala sa kanila ng Panginoong Jesus, hindi pareho ang naging bunga sa bawat isa: Ang isa ay totoong nagbunga, at ang isa pa ay hindi. Mula sa kanilang mga kakanyahan, sa gawaing kanilang ginawa, yaong

ipinahayag nila nang tahasan, at sa kanilang naging katapusan, dapat mong maunawaan kung aling landas ang dapat mong tahakin, aling landas ang dapat mong piliing lakaran. Nilakaran nila ang dalawang malinaw na magkaibang landas. Sina Pablo at Pedro, sila ang perpektong halimbawa ng bawat landas, kaya nga mula pa sa simula ay itinalaga na sila upang sumagisag sa dalawang landas na ito. Ano ang mahahalagang punto ng mga karanasan ni Pablo, at bakit hindi siya nagtagumpay? Ano ang mahahalagang punto ng mga karanasan ni Pedro, at paano niya naranasan ang magawang perpekto? Kung pagkukumparahin mo kung ano ang pinahalagahan ng bawat isa sa kanila, malalaman mo kung anong klaseng tao talaga ang nais ng Diyos, ano ang kalooban ng Diyos, ano ang disposisyon ng Diyos, anong klaseng tao ang gagawing perpekto sa huli, at anong klaseng tao rin ang hindi gagawing perpekto; malalaman mo kung ano ang disposisyon ng mga gagawing perpekto, at ano ang disposisyon ng mga hindi gagawing perpekto—ang mga isyung ito ng kakanyahan ay makikita sa mga karanasan nina Pedro at Pablo. Nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay, kaya nga ginagawa Niyang sumailalim ang lahat ng nilikha sa Kanyang kapamahalaan at magpasakop sa Kanyang kapamahalaan; uutusan Niya ang lahat ng bagay, para lahat ng bagay ay nasa Kanyang mga kamay. Lahat ng nilikha ng Diyos, pati na ang mga hayop, halaman, sangkatauhan, kabundukan at mga ilog, at mga lawa—lahat ay kailangang sumailalim sa Kanyang kapamahalaan. Lahat ng bagay sa kalangitan at sa lupa ay kailangang sumailalim sa Kanyang kapamahalaan. Hindi sila maaaring magkaroon ng anumang pagpipilian at kailangang magpasakop ang lahat sa Kanyang mga pagsasaayos. Ito ay iniutos ng Diyos, at ito ang awtoridad ng Diyos. Inuutusan ng Diyos ang lahat, at inaayos at inihahanay ang lahat ng bagay, na bawat isa ay nakabukod ayon sa uri, at pinaglaanan ng sarili nilang posisyon, ayon sa kalooban ng Diyos. Gaano man iyon kalaki, walang anumang bagay ang makakahigit sa Diyos, lahat ng bagay ay nagsisilbi sa sangkatauhang nilikha ng Diyos, at walang anumang bagay ang nangangahas na sumuway sa Diyos o humingi ng anuman sa Diyos. Kaya ang tao, bilang isang nilalang ng Diyos, ay

kailangan ding gampanan ang tungkulin ng tao. Siya man ang panginoon o tagapag-alaga ng lahat ng bagay, gaano man kataas ang katayuan ng tao sa lahat ng bagay, maliit na tao pa rin siya sa ilalim ng kapamahalaan ng Diyos, at isang tao lamang na walang kabuluhan, isang nilalang ng Diyos, at hindi mangingibabaw sa Diyos kailanman. Bilang isang nilalang ng Diyos, dapat hangaring gampanan ng tao ang tungkulin ng isang nilalang ng Diyos, at hangaring mahalin ang Diyos nang hindi pumipili ng iba pa, sapagkat ang Diyos ay karapat-dapat sa pagmamahal ng tao. Yaong mga naghahangad na mahalin ang Diyos ay hindi dapat maghangad ng anumang personal na mga pakinabang o hangarin yaong personal nilang inaasam; ito ang pinakatamang paraan ng paghahangad. Kung hinahangad mo ang katotohanan, kung isinasagawa mo ang katotohanan, at kung nagtatamo ka ng pagbabago sa iyong disposisyon, tama ang landas na iyong tinatahak. Kung hinahangad mo ang mga pagpapala ng laman, at isinasagawa mo ang katotohanan ng sarili mong mga palagay, at kung walang pagbabago sa iyong disposisyon, at hindi ka masunurin kailanman sa Diyos na nasa katawang-tao, at nabubuhay ka pa rin sa kalabuan, siguradong dadalhin ka sa impiyerno ng iyong hinahangad, sapagkat ang landas na iyong tinatahak ay ang landas ng kabiguan. Kung gagawin kang perpekto o aalisin ay depende sa iyong sariling paghahangad, na ibig ding sabihin ay ang tagumpay o kabiguan ay depende sa landas na tinatahak ng tao.

Hinango mula sa “Ang Tagumpay o Kabiguan ay Depende sa Landas na Tinatahak ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

39. Ang mga Prinsipyo ng Paglakad sa Landas ni Pedro

(1) Minahal ni Pedro ang katotohanan, at minahal niyang naririnig ang mga pangaral ng Panginoong Jesus. Pinagtuunan niyang isagawa ang mga salita ng Panginoon at maranasan ang mga ito, at maingat na naging praktikal at realistiko sa lahat ng bagay;

(2) Pinagtuunan ni Pedro ang kabatiran sa sarili niyang pagkatao at nagawa niyang mapagmuni-muni ang sarili niyang mga pagpapahayag ng

katiwalian nang may taos na pagsisisi. Kinapootan niya ang laman at taos-pusong nakapagsisi;

(3) Hinangad ni Pedro na mahalin ang Diyos at marami siyang nakita na karapat-dapat mahalin kay Jesus. Sa paglipas ng maraming panahon, lalong napamahal si Jesus sa kanya, at si Pedro ay naging isang taong nagmamahal sa Diyos;

(4) Nakadama si Pedro ng pagpipitagan para sa Diyos. Nakararamdam siya ng matinding pagsisisi kahit sa gabutil man na pagka-mapaghimagsik, at hinanap niya ang katotohanan. Sa huli, nakamit niya ang pagpapasakop hanggang sa kamatayan at ang pinakadakilang pagmamahal para sa Diyos;

(5) Nakamit lamang ni Pedro ang pinakadakilang pagmamahal para sa Diyos at pagpapasakop hanggang kamatayan pagkaraan lamang na pagdaanan niya ang daan-daang mga pagsubok sa kanyang huling pitong taon.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Bilang buod, ang pagtahak sa landas ni Pedro sa pananampalataya ng isang tao ay nangangahulugan ng paglakad sa landas ng paghahabol sa katotohanan, na siya ring landas para tunay niyang makilala ang kanyang sarili at mabago ang kanyang disposisyon. Sa pamamagitan lamang ng paglakad sa landas ni Pedro mapupunta ang isang tao sa landas ng pagiging ginawang perpekto ng Diyos. Dapat maging malinaw sa isang tao kung paano ba talaga lumakad sa landas ni Pedro, gayundin kung paano ito isagawa. Una, dapat munang isantabi ng isang tao ang kanyang mga sariling layunin, mga di-wastong paghahangad, at maging ang kanyang pamilya at lahat ng bagay na para sa kanyang sariling laman. Dapat buong-pusong mag-ukol ang isang tao, na ang ibig sabihin, kailangang ganap niyang ilaan ang kanyang sarili sa salita ng Diyos, magtuon sa pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, tumutok sa paghahanap sa katotohanan at sa paghahanap sa mga hangarin ng Diyos sa Kanyang mga salita, at subukang maunawaan ang kalooban ng Diyos sa lahat ng bagay. Ito ang pinakapangunahin at ang pinakamahalagang paraan ng

pagsasagawa. Ito ang ginawa ni Pedro pagkatapos niyang makita si Jesus, at sa pamamagitan lamang ng pagsasagawa sa ganitong paraan nakakamit ng isa ang pinakamahusay na mga resulta. Ang buong-pusong pagtatalaga sa mga salita ng Diyos ay pangunahing nangangahulugan ng paghahanap sa katotohanan, paghahanap sa hangarin ng Diyos sa loob ng Kanyang mga salita, pagtutuon ng pansin sa pag-unawa sa kalooban ng Diyos, at pag-unawa at pagkakamit ng mas maraming katotohanan mula sa mga salita ng Diyos. Kapag binabasa ang Kanyang mga salita, hindi nakatuon si Pedro sa pag-unawa sa mga doktrina at siya ay lalo pang hindi nakatuon sa pagkakamit ng kaalamang pangteolohiya; sa halip, siya ay nakatuon sa pag-unawa sa katotohanan at pag-unawa sa kalooban ng Diyos, at pagtatamo ng pagkaunawa ng Kanyang disposisyon at ng Kanyang pagiging kaibig-ibig. Sinubukan din niyang unawain ang iba't ibang tiwaling mga kalagayan ng tao mula sa mga salita ng Diyos, at unawain ang tiwaling kalikasan ng tao at ang tunay na mga pagkukulang ng tao, tinatamo ang lahat ng aspeto ng mga hinihiling ng Diyos sa tao upang mapalugod Siya. Nagkaroon siya ng napakaraming wastong mga pagsasagawa sa loob ng mga salita ng Diyos; ito ay halos naaayon sa kalooban ng Diyos, at ito ang pinakamahusay na pakikipagtulungan ng tao sa kanyang karanasan sa gawain ng Diyos. Habang dumaranas ng daan-daang pagsubok ng Diyos, mahigpit niyang sinuri ang kanyang sarili ayon sa bawat salita ng paghatol ng Diyos sa tao, bawat salita ng paghahayag Niya sa tao, at bawat salita ng Kanyang mga kahilingan sa tao, at sinikap na unawain ang kahulugan ng mga pagbikas na iyon. Masigasig niyang pinagnilayan at isinaulo ang bawat salitang sinabi sa kanya ni Jesus, at napakaganda ng nakamtan niyang mga resulta. Sa ganitong paraan ng pagsasagawa, naunawaan niya ang kanyang sarili mula sa mga salita ng Diyos, at hindi lang ang iba't ibang tiwaling kalagayan ng tao ang naunawaan niya, kundi pati na ang diwa, likas na pagkatao, at ang iba't ibang pagkukulang ng tao. Ito ang kahulugan ng tunay na maunawaan ang sarili. Mula sa mga salita ng Diyos, hindi lamang niya natamo ang tunay na pagkaunawa ukol sa sarili niya, kundi mula sa mga bagay na ipinapahayag

sa mga pagbigkas ng Diyos—ang matuwid na disposisyon ng Diyos, kung ano ang mayroon at kung ano Siya, ang kalooban ng Diyos para sa Kanyang gawain, ang Kanyang mga hinihingi sa sangkatauhan—mula sa mga salitang ito nakarating siya sa lubos na pagkakilala sa Diyos. Nakarating siya sa pagkakilala sa disposisyon ng Diyos, at sa Kanyang diwa; nakilala at naunawaan niya kung ano ang mayroon at kung ano ang Diyos, sa pagiging kaibig-ibig ng Diyos at mga hinihingi ng Diyos para sa tao. Bagama't ang Diyos ay hindi gaanong nagsalita noong panahong iyon kagaya ng Kanyang ginagawa sa kasalukuyan, nagkaroon ng bunga kay Pedro sa mga aspetong ito. Ito ay isang bihira at napakahalagang bagay. Dumaan si Pedro sa daan-daang pagsubok, subalit hindi nagdusa nang walang-saysay. Hindi lamang niya naunawaan ang kanyang sarili mula sa mga salita at sa gawa ng Diyos, kundi nakilala rin niya ang Diyos. Dagdag pa riyan, sa mga pagbigkas ng Diyos, nagtuon siya lalo na sa mga hinihingi ng Diyos sa sangkatauhan sa loob ng Kanyang mga salita. Sa alinmang mga aspeto dapat bigyang-kasiyahan ng tao ang Diyos upang makaayon sa kalooban ng Diyos, nagawang magsikap nang husto ni Pedro sa mga aspetong ito at nakamtan ang buong kalinawan; lubhang kapaki-pakinabang patungkol sa sarili niyang pagpasok. Anuman ang pinatungkulan ng Diyos, basta't ang mga salitang iyon ay maaaring maging buhay at ang katotohanan, nakaya ni Pedro na iukit ang mga ito sa kanyang puso upang madalas na pagbulayan at pahalagahan ang mga ito. Matapos mapakinggan ang mga salita ni Jesus nakaya niyang isapuso ang mga ito, na nagpapakita na siya ay espesyal na nakatuon sa mga salita ng Diyos, at tunay na nakamtan niya ang mga resulta sa huli. Ibig sabihin, nakaya niyang malayang isagawa ang mga salita ng Diyos, tumpak na isagawa ang katotohanan at mapahanay sa kalooban ng Diyos, kumilos nang lubusang naaayon sa intensiyon ng Diyos, at isuko ang kanyang sariling personal na mga opinyon at imahinasyon. Sa ganitong paraan, pumasok si Pedro sa realidad ng mga salita ng Diyos. Ang serbisyo ni Pedro ay kahanay sa kalooban ng Diyos, una sa lahat, dahil ginawa niya na ito.

Kung ang isang tao ay kayang bigyang-kasiyahan ang Diyos habang tinutupad ang kanyang tungkulin, may prinsipyo sa mga salita at kilos niya, at kayang pumasok sa katotohanang realidad ng lahat ng aspeto ng katotohanan, siya ay isang taong gagawing perpekto ng Diyos. Masasabi na ang gawain at mga salita ng Diyos ay lubos na naging mabisa para sa gayong mga tao, na ang mga salita ng Diyos ay naging mga buhay nila, na nakamit na nila ang katotohanan, at na nagagawa nilang mabuhay alinsunod sa mga salita ng Diyos. Pagkatapos nito, ang kalikasan ng kanilang laman—iyon ay, ang pinakasaligan ng kanilang orihinal na pag-iral—ay mayayanig at mabubuwal. Pagkatapos taglayin ng mga tao ang mga salita ng Diyos bilang kanilang buhay, magiging mga bagong tao sila. Kung ang mga salita ng Diyos ay maging buhay nila, kung ang pangitain ng gawain ng Diyos, ang Kanyang mga kinakailangan mula sa sangkatauhan, ang Kanyang mga pahayag sa tao, at ang mga pamantayan para sa isang tunay na buhay na hinihingi ng Diyos na magawa nila ay maging buhay nila, kung nabubuhay sila alinsunod sa mga salita at katotohanang ito, sila ay pineperpekto sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos. Muling isinisilang ang gayong mga tao, at naging mga bagong tao na sila sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos. Ito ang landas kung paano naghabol si Pedro sa katotohanan; ito ay ang landas ng pagiging ginagawang perpekto, ginagawang perpekto sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos, at nagkakamit ng buhay mula sa mga salita ng Diyos. Ang katotohanan na ipinahayag ng Diyos ay naging kanyang buhay, at sa gayon lamang siya naging isang tao na nakamit ang katotohanan.

Hinango mula sa “Paano Lakaran Ang Landas ni Pedro” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang hinangad ni Pedro ay makilala ang kanyang sarili at makita kung ano ang naihayag sa kanya sa pamamagitan ng pagpipino ng mga salita ng Diyos at sa loob ng iba’t ibang pagsubok na ibinigay sa kanya ng Diyos. Nang totoong mangyari na makilala niya ang sarili, natanto ni Pedro kung gaano kalalim ang pagkatiwali ng mga tao, kung gaanong walang halaga at

hindi karapat-dapat sila sa paglilingkod sa Diyos, at hindi sila nararapat na mabuhay sa Kanyang harap. Nang magkagayon ay nagpatirapa si Pedro sa harap ng Diyos. Sa huli, naisip niya, “Ang makilala ang Diyos ang pinakamahalagang bagay! Kung mamamatay ako bago ko Siya makilala, magiging kalunos-lunos ito; nararamdaman ko na ang makilala ang Diyos ang pinakamahalaga, pinakamakahulugang bagay na mayroon. Kung hindi kilala ng tao ang Diyos, wala siyang karapatang mabuhay at walang buhay.” Nang umabot na sa ganitong punto ang karanasan ni Pedro, nalaman na niya ang kanyang sariling kalikasan at nakapagtamo na ng mabuti-buting pag-unawa nito. Bagama’t marahil ay hindi niya magagawang ipaliwanag ito nang kasinglinaw na magagawa ng mga tao ngayon, sadyang naabot na ni Pedro ang kalagayang ito. Samakatwid, ang pagsisikap na matamo ang buhay at ang pagtatamo ng pagpeperpekto ng Diyos ay nangangailangan ng pagkakilala sa sariling kalikasan ng isang tao mula sa loob ng mga pahayag ng Diyos, gayundin ng pag-unawa sa mga aspekto ng likas na katangian ng isang tao at wastong paglalarawan nito sa mga salita, nang malinaw at payak na nagsasalita. Ito lamang ang tunay na pagkakilala sa iyong sarili, at natamo mo na ang resultang hinihingi ng Diyos. Kung ang iyong kaalaman ay hindi pa umabot sa puntong ito, subalit sinasabi mo na naunawaan mo ang iyong sarili at sinasabing nagtamo ka ng buhay, hindi ba’t nagyayabang ka lamang? Hindi mo kilala ang iyong sarili, o hindi mo alam kung ano ka sa harap ng Diyos, kung totoo mang naabot mo ang mga pamantayan ng pagiging tao, o gaano karami ang mga malasatanas na elementong taglay pa rin ng iyong loob. Hindi pa rin malinaw sa iyo ang tungkol sa kung kanino ka nabibilang, at wala ka man lamang ng anumang pagkakilala sa sarili—kaya’t paano ka magtataglay ng katwiran sa harap ng Diyos? Nang naghahanap si Pedro ng buhay, nakatutok siya sa pag-unawa sa kanyang sarili at pagbabagong-anyo ng kanyang disposisyon sa gitna ng mga pagsubok sa kanya, at nagsikap siya na makilala ang Diyos, at sa huli, naisip niya, “Dapat maghanap ang mga tao ng pagkaunawa sa Diyos sa buhay; ang makilala Siya ang pinakakritikal na bagay. Kung hindi ko kilala ang Diyos, kung gayon ay

hindi ako makapagpapahinga nang payapa kapag namatay ako. Sa sandaling makilala ko Siya, at nilayon ng Diyos na mamatay na ako, makadarama pa rin ako ng labis na pasasalamat na gawin iyon; hindi ako magrereklamo nang bahagya man, at mapupuspos ang buong buhay ko." Hindi nagawa ni Pedro na matamo ang antas na ito ng pag-unawa o kagyat na marating ang dakong ito pagkaraang masimulan niya na maniwala sa Diyos; kinailangan muna niyang sumailalim sa napakaraming pagsubok. Kinailangan munang umabot ang kanyang karanasan sa isang tiyak na mohon, at kinailangan niyang ganap na maunawaan ang sarili, bago niya madama ang halaga na makilala ang Diyos. Samakatwid, ang landas na tinahak ni Pedro ay yaong makapagtatamo ng buhay at makagagawang perpekto; ito ang aspekto na pangunahing pinagtuunan ng kanyang tiyak na gawain.

Hinango mula sa "Paano Lakaran Ang Landas ni Pedro" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Malaki ang kakayahan ni Pedro, ngunit ang kanyang sitwasyon ay hindi kagaya ng kay Pablo: Inusig Ako ng kanyang mga magulang, mga demonyo sila na nasapian ni Satanas at, dahil dito, wala silang itinurong anuman kay Pedro tungkol sa Diyos. Si Pedro ay mautak, matalino, at mahal na mahal ang kanyang mga magulang mula pa sa pagkabata. Subalit pagtanda niya, naging kaaway siya nila dahil hindi siya tumigil kailanman sa pagsisikap na makaalam tungkol sa Akin, at paglaon ay tumalikod siya sa kanila. Ito ay dahil, una sa lahat, naniwala siya na ang langit at lupa at lahat ng bagay ay nasa mga kamay ng Makapangyarihan sa lahat at na lahat ng positibong bagay ay nagmumula sa Diyos at tuwirang lumalabas mula sa Kanya nang hindi naiimpluwensyahan ni Satanas. Ang pagkakaiba ng mga magulang ni Pedro sa kanya ay nagbigay sa kanya ng higit na kaalaman tungkol sa Aking kagandahang-loob at awa, sa gayon ay naragdagan ang kanyang hangaring hanapin Ako. Nagtuon siya hindi lamang sa pagkain at pag-inom ng Aking mga salita, kundi, bukod pa rito, sa pag-unawa sa Aking kalooban, at lagi siyang

maingat sa kanyang puso. Dahil dito, lagi siyang sensitibo sa kanyang espiritu, at dahil dito ay nakaayon Siya sa Aking sariling puso sa lahat ng kanyang ginawa. Palagi siyang nakatuon sa mga kabiguan ng mga tao noong araw para magpasigla sa kanya, sa malaking pangamba na baka siya mabigo. Nagtuon din siya sa pakikibahagi sa pananampalataya at pagmamahal ng lahat ng nagmahal sa Diyos sa lahat ng kapanahunan. Sa ganitong paraan—hindi lamang sa mga negatibong aspeto, kundi ang higit na mahalaga, sa mga positibong aspeto—mas mabilis siyang lumago, kaya ang kanyang kaalaman ay naging pinakadakila sa lahat sa Aking presensya. Dahil dito, hindi mahirap isipin kung paano niya ipinaubaya ang lahat ng mayroon siya sa Aking mga kamay, paano niya isinuko maging ang paggawa ng mga desisyon tungkol sa pagkain, pananamit, pagtulog at kung saan siya nakatira, at sa halip ay tinamasa niya ang Aking mga kayamanan batay sa pagpapalugod niya sa Akin sa lahat ng bagay. Maraming beses Ko siyang isinailalim sa mga pagsubok—mga pagsubok, natural, na muntik na niyang ikamatay—ngunit sa kabila ng daan-daang pagsubok na ito, hindi siya nawalan ng pananampalataya sa Akin kailanman o nadismaya sa Akin. Kahit noong sabihin Ko na natalikuran Ko siya, hindi pa rin siya pinanghinaan ng loob, at patuloy niya Akong minahal sa isang praktikal na paraan at alinsunod sa dating mga prinsipyo ng pagsasagawa. Sinabi Ko sa kanya na hindi Ko siya pupurihin kahit minahal niya Ako, na sa huli ay ihahagis Ko siya sa mga kamay ni Satanas. Ngunit sa gitna ng mga pagsubok na ito, mga pagsubok na hindi sumapit sa kanyang laman, kundi sa mga salita, nanalangin pa rin siya sa Akin at nagsabing, “Diyos ko! Sa langit at sa lupa, at sa lahat ng bagay, mayroon bang sinumang tao, anumang nilalang, o anumang bagay na hindi Mo hawak sa mga kamay Mo, ang Makapangyarihan sa lahat? Kapag maawain Ka sa akin, labis na nagagalak ang puso ko sa Iyong awa. Kapag hinahatulan Mo ako hindi man ako karapat-dapat, lalo kong nadarama ang napakalalim na hiwaga ng Iyong mga gawa, dahil puno Ka ng awtoridad at karunungan. Bagama’t nahihirapan ang aking laman, naaaliw ang aking espiritu. Paanong hindi ko pupurihin ang Iyong karunungan at mga gawa?

Kahit mamatay ako matapos Kang makilala, paanong hindi ko magagawa iyon nang may galak at masaya? Makapangyarihan sa lahat! Talaga bang ayaw Mo akong makita Ka? Talaga bang hindi ako karapat-dapat na tumanggap ng Iyong paghatol? Maaari kayang may isang bagay sa akin na ayaw Mong makita?" Sa gayong mga pagsubok, kahit hindi naintindihang mabuti ni Pedro ang Aking kalooban, malinaw na ipinagmalaki at ikinarangal niya na kinasangkapan Ko siya (kahit tinanggap niya ang Aking paghatol upang makita ng sangkatauhan ang Aking kamahalan at poot), at na hindi siya nabalisa sa mga pagsubok na ito. Dahil sa kanyang katapatan sa Aking harapan, at dahil sa Aking pagpapala sa kanya, naging isa siyang uliran at huwaran sa tao sa loob ng libu-libong taon. Hindi ba ito mismo ang dapat ninyong tularan?

Hinango mula sa "Kabanata 6" ng Mga Salita ng Diyos sa Buong Sansinukob sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Anuman sa buhay ni Pedro na hindi nagbigay-kasiyahan sa naisin ng Diyos ay nakaligalig sa kanya. Kung hindi iyon nakalugod sa naisin ng Diyos, nakadama siya ng taos na pagsisisi, at naghanap ng angkop na paraan para mapagsikapan niyang mapalugod ang puso ng Diyos. Kahit sa pinakamaliit at pinaka-walang-kabuluhang mga aspeto ng kanyang buhay, kusa pa rin niyang pinalugod ang naisin ng Diyos. Gayon din siya katindi pagdating sa kanyang dating disposisyon, laging mahigpit sa kanyang mga hinihingi sa kanyang sarili upang sumulong nang mas malalim sa katotohanan. … Sa kanyang paniniwala sa Diyos, hinangad ni Pedro na bigyang-kasiyahan ang Diyos sa lahat ng bagay, at hinangad na sundin ang lahat ng nagmula sa Diyos. Wala ni katiting na reklamo, nagawa niyang tanggapin ang pagkastigo at paghatol, gayundin ang pagpipino, kapighatian at kakulangan sa kanyang buhay, at walang isa man dito na maaaring magpabago sa kanyang pagmamahal sa Diyos. Hindi ba ito ang sukdulang pagmamahal sa Diyos? Hindi ba ito ang katuparan ng tungkulin ng isang nilalang ng Diyos? Sa pagkastigo man, paghatol, o kapighatian, lagi kang may kakayahang maging masunurin hanggang kamatayan, at ito

ang dapat makamit ng isang nilalang ng Diyos, ito ang kadalisayan ng pagmamahal sa Diyos. Kung makakamtan ng tao ang ganito, siya ay isang angkop na nilalang ng Diyos, at wala nang ibang mas nagbibigay-kasiyahan sa naisin ng Lumikha. Ipagpalagay nang nakakagawa ka para sa Diyos, subalit hindi ka sumusunod sa Diyos, at hindi mo kayang tunay na mahalin ang Diyos. Sa ganitong paraan, hindi mo lamang hindi natupad ang tungkulin ng isang nilalang ng Diyos, kundi ikukondena ka rin ng Diyos, dahil ikaw ay isang taong hindi nagtataglay ng katotohanan, na walang kakayahang sumunod sa Diyos, at suwail sa Diyos. Pinahahalagahan mo lamang ang paggawa para sa Diyos, at hindi mo pinahahalagahan ang pagsasagawa ng katotohanan o pagkilala sa iyong sarili. Hindi mo nauunawaan o nakikilala ang Lumikha, at hindi mo sinusunod o minamahal ang Lumikha. Ikaw ay isang taong likas na suwail sa Diyos, kaya nga ang gayong mga tao ay hindi minamahal ng Lumikha.

Hinango mula sa “Ang Tagumpay o Kabiguan ay Depende sa Landas na Tinatahak ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang tao ay nabubuhay sa gitna ng laman, na nangangahulugang nabubuhay siya sa isang pantaong impiyerno, at kung wala ang paghatol at pagkastigo ng Diyos, ang tao ay kasingdumi ni Satanas. Paano magiging banal ang tao? Naniwala si Pedro na ang pagkastigo at paghatol ng Diyos ang pinakamabuting proteksiyon at pinakadakilang biyaya sa tao. Sa pamamagitan lamang ng pagkastigo at paghatol ng Diyos magigising ang tao at kapopootan ang laman, kamumuhian si Satanas. Ang mahigpit na pagdisiplina ng Diyos ay nagpapalaya sa tao mula sa impluwensya ni Satanas, nagpapalaya sa kanya mula sa kanyang sariling maliit na mundo, at nagtutulot sa kanyang mamuhay sa liwanag ng presensya ng Diyos. Wala nang higit na mabuting pagliligtas kaysa sa pagkastigo at paghatol! Nanalangin si Pedro, “O Diyos! Hangga’t kinakastigo Mo at hinahatulan ako, malalaman ko na hindi Mo ako iniwan. Kahit na hindi Mo ako binibigyan ng kagalakan o kapayapaan, at ginagawa akong mamuhay nang may pagdurusa, at pinagpapasan ako ng hindi-mabilang na mga

pagtutuwid, hangga't hindi Mo ako iniiwan, ang puso ko ay magiging panatag. Ngayon, ang Iyong pagkastigo at paghatol ay naging pinakamabuting proteksiyon ko at pinakadakilang pagpapala. Ang ibinibigay Mong biyaya sa akin ay nag-iingat sa akin. Ang biyaya na Iyong ipinagkakaloob sa akin ngayon ay pagpapahayag ng Iyong matuwid na disposisyon, at pagkastigo at paghatol; bukod diyan, ito ay isang pagsubok, at, higit pa riyan, ito ay isang buhay ng pagdurusa." Nakayang isantabi ni Pedro ang mga kasiyahan ng laman at hanapin ang isang mas malalim na pag-ibig at higit na pag-iingat, dahil marami siyang nakamtang biyaya mula sa pagkastigo at paghatol ng Diyos. Sa kanyang buhay, kung nais ng tao na malinis at makamtan ang mga pagbabago sa kanyang disposisyon, kung nais niya na isabuhay ang isang makabuluhang buhay, at tuparin ang kanyang tungkulin bilang isang nilalang, kung gayon dapat niyang tanggapin ang pagkastigo at paghatol ng Diyos, at hindi dapat hayaan ang pagdisiplina ng Diyos at pagpalo ng Diyos na lumisan mula sa kanya, upang maaari niyang mapalaya ang kanyang sarili mula sa pagmamanipula at impluwensya ni Satanas, at mamuhay sa liwanag ng Diyos. Kilalanin mo na ang pagkastigo at paghatol ng Diyos ay ang liwanag, at ang liwanag ng kaligtasan ng tao, at na walang higit na mabuting pagpapala, biyaya o pag-iingat para sa tao. Ang tao ay nabubuhay sa ilalim ng impluwensya ni Satanas, at umiiral sa laman; kung hindi siya nalilinis at hindi nakatatanggap ng pag-iingat ng Diyos, kung gayon ang tao ay lalo kailanmang magiging higit na masama. Kung nais niyang ibigin ang Diyos, kung gayon dapat siyang malinis at maligtas. Nanalangin si Pedro, "Diyos ko, kapag pinakikitunguhan Mo ako nang may-kabaitan ako ay nalulugod, at nagiginhawahan; kapag kinakastigo Mo ako, nakadarama ako ng higit pang kaginhawahan at kagalakan. Bagaman ako ay mahina, at nagbabata ng di-mabigkas na pagdurusa, bagaman mayroong mga luha at kalungkutan, batid Mo na ang kalungkutang ito ay dahil sa aking pagkamasuwayin, at dahil sa aking kahinaan. Tumatangis ako dahil hindi ko natutugunan ang Iyong mga ninanasa, nalulungkot ako at nanghihinayang dahil hindi ako sapat para sa Iyong mga kailangan,

ngunit handa akong abutin ang kinasasaklawang ito, handa akong gawin ang lahat ng kaya ko upang Ikaw ay aking mapasaya. Ang Iyong pagkastigo ay nagdulot sa akin ng pag-iingat, at nakapagbigay sa akin ng pinakamabuting kaligtasan; ang Iyong paghatol ay nagkukubli ng Iyong pagpaparaya at pagtitiis. Kung wala ang Iyong pagkastigo at paghatol, hindi ko matatamasa ang Iyong awa at kagandahang-loob. Ngayon, lalo kong nakikita na ang Iyong pag-ibig ay nakalampas sa mga kalangitan at hinigitan ang lahat ng iba pang bagay. Ang Iyong pag-ibig ay hindi lamang awa at kagandahang-loob; higit pa riyan, ito ay pagkastigo at paghatol. Ang Iyong pagkastigo at paghatol ay nagbigay ng napakarami sa akin. Kung wala ang Iyong pagkastigo at paghatol, walang isa mang taong malilinis, at walang isa mang taong makararanas ng pag-ibig ng Lumikha. Bagaman nakapagtiis ako ng daan-daang mga pagsubok at kapighatian, at nakaranas pang mabingit sa kamatayan, natulutan ako ng mga ito na tunay Kang makilala at magtamo ng pinakamataas na kaligtasan. Kung ang Iyong pagkastigo, paghatol at pagdisiplina ay lilisan mula sa akin, kung gayon ay mabubuhay ako sa kadiliman, sa ilalim ng sakop ni Satanas. Ano nga ba ang mga pakinabang ng laman ng tao? Kung ang Iyong pagkastigo at paghatol ay aalis sa akin, ito ay waring ang Iyong Espiritu ay nagtakwil sa akin, na waring Ikaw ay hindi ko na kasama. Kung magkagayon nga, paano ako magpapatuloy na mabuhay? Kung binibigyan Mo ako ng karamdaman, at kukunin ang aking kalayaan, maaari pa rin akong patuloy na mabuhay, ngunit kung sakaling lilisanin ako ng Iyong pagkastigo at paghatol, mawawalan na ako ng daan upang patuloy na mabuhay. Kung wala ang Iyong pagkastigo at paghatol sa akin, mawawala na sa akin ang Iyong pag-ibig, isang pag-ibig na lubhang malalim upang aking masabi. Kung wala ang Iyong pag-ibig, ako ay mabubuhay sa ilalim ng sakop ni Satanas, at hindi na makikita ang Iyong maluwalhating mukha. Paano ako makakapagpatuloy na mabuhay? Ang gayong kadiliman, ang gayong buhay, ay hindi ko kayang mabata. Ang makasama Kita ay tulad ng namamasdan Kita, kaya paano Kita maiiwan? Nagmamakaawa ako sa Iyo, nakikiusap ako sa Iyo na huwag kunin ang aking pinakadakilang kaaliwan

mula sa akin, kahit na ito ay ilang salita lamang na nagbibigay-katiyakan. Natamasa ko ang Iyong pag-ibig, at ngayon ay hindi ko kayang malayo sa Iyo; paano na hindi Kita maiibig? Marami akong itinangis na mga luha ng kalungkutan dahil sa Iyong pag-ibig, subali't lagi kong nararamdaman na ang isang buhay na gaya nito ay higit na makahulugan, higit akong napagyayaman, higit akong nababago, at higit akong tinutulutang makamit ang katotohanang taglay dapat ng mga nilalang."

Hinango mula sa "Ang mga Karanasan ni Pedro: Ang Kanyang Kaalaman sa Pagkastigo at Paghatol" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Noong panahong sinusundan niya si Jesus, nagbuo ng maraming opinyon si Pedro tungkol sa Kanya at palagi Siyang hinusgahan mula sa sarili niyang pananaw. Bagama't may kaunting pagkaunawa tungkol sa Espiritu, medyo malabo ang kanyang pagkaunawa, kaya sinabi niya: "Kailangan kong sundan siya na isinugo ng Ama sa langit. Kailangan kong kilalanin siya na pinili ng Banal na Espiritu." Hindi niya naunawaan ang mga bagay na ginawa ni Jesus at hindi niya naliwanagan ang mga iyon. Matapos Siyang sundan nang ilang panahon, lumago ang interes ni Pedro sa Kanyang ginawa at sinabi, at kay Jesus Mismo. Nadama niya na naghikayat si Jesus kapwa ng pagmamahal at paggalang; ginusto niyang makasama Siya at manatili sa Kanyang tabi, at ang pakikinig sa mga salita ni Jesus ay nagbigay sa kanya ng panustos at tulong. Sa panahong sinundan niya si Jesus, minasdan at isinapuso ni Pedro ang lahat tungkol sa Kanyang buhay: Kanyang mga kilos, salita, galaw, at pagpapahayag. Nagtamo siya ng malalim na pagkaunawa na si Jesus ay hindi katulad ng ordinaryong mga tao. Bagama't ang Kanyang hitsura ay lubhang normal, puno Siya ng pagmamahal, habag, at pagpaparaya sa tao. Lahat ng Kanyang ginawa o sinabi ay malaking tulong sa iba, at nakita at natamo ni Pedro ang mga bagay na hindi pa niya nakita o nakamtan kailanman mula kay Jesus. Nakita niya na bagama't walang mataas na tayog ni ng pambihirang pagkatao si Jesus, mayroon Siyang ere na talagang pambihira at di-pangkaraniwan. Bagama't hindi ito lubos na maipaliwanag

ni Pedro, nakita niya na iba ang kilos ni Jesus sa lahat ng iba pa, sapagkat ang mga bagay na Kanyang ginawa ay ibang-iba sa normal na mga tao. Mula sa panahon ng kanyang pakikipag-ugnayan kay Jesus, nakita rin ni Pedro na ang Kanyang pagkatao ay iba sa isang ordinaryong tao. Palagi Siyang matatag at hindi nagmamadali kailanman kung kumilos, hindi labis ni kulang sa isang paksa kailanman, at namuhay Siya sa isang paraang naghayag ng isang katangian na kapwa normal at kahanga-hanga. Sa pakikipag-usap, simple at kaaya-ayang magsalita si Jesus, na palaging nakikipag-ugnayan sa masaya subalit mahinahong paraan—subalit hindi nawala kailanman ang Kanyang dignidad samantalang isinasagawa ang Kanyang gawain. Nakita ni Pedro na kung minsan ay walang imik si Jesus, samantalang sa ibang mga pagkakataon naman ay wala Siyang tigil sa pagsasalita. Kung minsan ay napakasaya Niya kaya mukha Siyang isang paluksu-lukso at tuwang-tuwang kalapati, at sa ibang mga pagkakataon naman ay napakalungkot Niya kaya hindi man lamang Siya talaga nagsasalita, na mukhang puno ng dalamhati na parang pagod na pagod na ina. Kung minsan galit na galit Siya na parang isang matapang na sundalo na lumulusob para patayin ang isang kaaway o, sa ilang pagkakataon, mukha pa nga siyang isang umuungol na leon. Kung minsan tumatawa Siya; kung minsan naman nagdarasal Siya at umiiyak. Paano man kumilos si Jesus, lumago ang walang-hanggang pagmamahal at paggalang ni Pedro para sa Kanya. Ang pagtawa ni Jesus ay pinuspos siya ng kaligayahan, ang Kanyang kalungkutan ay isinadlak siya sa pighati, ang Kanyang galit ay tumakot sa kanya, samantalang ang Kanyang habag, pagpapatawad, at mahihigpit na kahilingan Niya sa mga tao ay naging dahilan para tunay niyang mahalin si Jesus at magkaroon ng tunay na pagpipitagan at pananabik sa Kanya. Siyempre pa, unti-unti lamang natanto ni Pedro ang lahat ng ito nang namuhay siyang kasama ni Jesus sa loob ng ilang taon.

Hinango mula sa “Paano Nakilala ni Pedro si Jesus” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

At ano ang bagay na higit na pinagsisihan ni Pedro? Hindi pa natatagalan matapos sabihin ni Pedro na “Ikaw ang Anak ng buhay na Diyos,” nagpahayag ng isa pang tanong si Jesus kay Pedro (bagama’t hindi ito nakatala sa Biblia sa ganitong paraan). Tinanong siya ni Jesus: “Pedro! Minahal mo na ba Ako kahit minsan?” Naunawaan ni Pedro ang ibig Niyang sabihin, at sinabi: “Panginoon! Minsa’y minahal ko ang Ama sa langit, ngunit inaamin ko hindi Kita minahal kailanman.” Pagkatapos ay sinabi ni Jesus: “Kung hindi minamahal ng mga tao ang Ama sa langit, paano nila mamahalin ang Anak sa lupa? At kung hindi minamahal ng mga tao ang Anak na isinugo ng Diyos Ama, paano nila mamahalin ang Ama sa langit? Kung tunay na minamahal ng mga tao ang Anak sa lupa, tunay nilang minamahal ang Ama sa langit.” Nang marinig ni Pedro ang mga salitang ito, natanto niya ang kanyang naging pagkukulang. Lagi siyang nagsisisi hanggang sa mapaluha siya sa kanyang mga salitang “Minsa’y minahal ko ang Ama sa langit, ngunit hindi Kita minahal kailanman.” Pagkaraang mabuhay na mag-uli at umakyat sa langit si Jesus, nakadama siya ng higit na pagsisisi at dalamhati sa mga salitang ito. Kapag naaalala niya ang kanyang nakaraang gawain at kasalukuyang tayog, madalas siyang nagdarasal kay Jesus, na laging nakadarama ng pagsisisi at pagkakautang dahil sa hindi niya natugunan ang kalooban ng Diyos at hindi siya umabot sa mga pamantayan ng Diyos. Ang mga isyung ito ang naging pinakamalaki niyang pasanin. Sabi niya: “Balang araw ilalaan ko sa Iyo ang lahat ng mayroon ako at lahat ng pagkatao ko, at ibibigay ko sa Iyo yaong pinakamahalaga.” Sabi niya: “Diyos ko! Iisa lamang ang aking pananampalataya at iisa lamang ang aking minamahal. Walang halaga ang aking buhay, at walang halaga ang aking katawan. Iisa lamang ang aking pananampalataya at iisa lamang ang aking minamahal. Sumasampalataya ako sa Iyo sa aking isipan at minamahal Kita sa puso ko; ang dalawang bagay na ito lamang ang tanging maibibigay ko sa Iyo at wala nang iba pa.” Lubhang lumakas ang loob ni Pedro sa mga salita ni Jesus, dahil bago ipinako si Jesus sa krus, nasabi Niya kay Pedro: “Hindi Ako nagmula sa mundong ito, at hindi ka rin nagmula sa mundong ito.” Kalaunan, nang

makadama si Pedro ng matinding pasakit, pinaalalahanan siya ni Jesus: “Pedro, nalimutan mo na ba? Hindi Ako nagmula sa mundo, at lumisan lamang Ako nang mas maaga para sa Aking gawain. Hindi ka rin nagmula sa mundo, nalimutan mo na ba talaga? Dalawang beses Ko nang sinabi sa iyo, hindi mo ba natatandaan?” Nang marinig ito ni Pedro, sinabi niya: “Hindi ko pa nalilimutan!” Pagkatapos ay sinabi ni Jesus: “Minsan ka nang masayang nakipagtipon sa Akin sa langit at isang panahon sa Aking tabi. Nangungulila ka sa Akin, at nangungulila Ako sa iyo. Bagama’t hindi karapat-dapat na banggitin ang mga nilikha sa Aking mga mata, paanong hindi Ko mamahalin yaong walang-malay at kaibig-ibig? Nalimutan mo na ba ang Aking pangako? Kailangan mong tanggapin ang Aking tagubilin sa lupa; kailangan mong tuparin ang gawaing ipinagkatiwala Ko sa iyo. Balang araw tiyak na aakayin kita patungo sa Aking tabi.” Matapos itong marinig, mas lumakas ang loob ni Pedro at tinanggap ang mas malaki pang inspirasyon, nang sa gayon nang siya ay nasa krus, nasabi Niyang: “Diyos ko! Hindi ko magawang mahalin Ka nang sapat! Kahit hilingin Mong mamatay ako, hindi pa rin Kita maaaring mahalin nang sapat! Saan Mo man isugo ang aking kaluluwa, tuparin Mo man o hindi ang dati Mong mga pangako, anuman ang gawin Mo pagkatapos, mahal Kita at naniniwala ako sa Iyo.” Ang kanyang pinanghawakan ay ang kanyang pananampalataya, at tunay na pagmamahal.

Hinango mula sa “Paano Nakilala ni Pedro si Jesus” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sinundan ni Pedro si Jesus nang ilang taon at maraming nakita sa Kanya na wala sa ibang tao. Matapos Siyang sundan nang isang taon, pinili ni Jesus si Pedro mula sa labindalawang alagad. (Siyempre, hindi ito sinabi nang malakas ni Jesus, at ni hindi iyon alam ng iba.) Sa buhay, sinukat ni Pedro ang kanyang sarili ayon sa lahat ng ginawa ni Jesus. Higit sa lahat, ang mga mensaheng ipinangaral ni Jesus ay nakaukit sa kanyang puso. Lubos siyang naging dedikado at tapat kay Jesus, at hindi siya kailanman nagsabi ng anumang mga hinaing laban sa Kanya. Dahil doon,

naging tapat na kasama siya ni Jesus saanman Siya nagpunta. Inobserbahan ni Pedro ang mga turo ni Jesus, ang mahinahon Niyang mga salita, kung ano ang kinakain Niya, ang Kanyang pananamit, ang Kanyang tirahan, at kung paano Siya maglakbay. Tinularan niya si Jesus sa lahat ng aspeto. Hindi siya kailanman naging mapagmagaling, kundi iwinaksi niya ang lahat ng lipas na, na sinusunod ang halimbawa ni Jesus kapwa sa salita at gawa. Noon nadama ni Pedro na ang kalangitan at lupa at lahat ng bagay ay nasa mga kamay ng Makapangyarihan sa lahat at na, dahil dito, wala siyang pansariling pasiya. Natutuhan din ni Pedro ang lahat ng tungkol kay Jesus at ginamit iyon bilang halimbawa. Ipinapakita ng buhay ni Jesus na hindi Siya mapagmagaling sa Kanyang ginagawa; sa halip na ipagmalaki ang Kanyang sarili, pinukaw Niya ang mga tao sa pamamagitan ng pagmamahal. Ipinakita ng iba't-ibang bagay kung ano si Jesus, at dahil dito, tinularan ni Pedro ang lahat ng tungkol sa Kanya. Dahil sa kanyang mga karanasan, nagkaroon si Pedro ng nag-iibayong pagkaunawa sa pagiging kaibig-ibig ni Jesus, at nagsabi ng mga bagay na tulad ng, "Hinanap ko ang Makapangyarihan sa lahat sa buong sansinukob, at namalas ko ang mga kababalaghan ng kalangitan at lupa at lahat ng bagay, at sa gayon ay nagkaroon ako ng malalim na pagkaunawa sa pagiging kaibig-ibig ng Makapangyarihan sa lahat. Gayunman, hindi ako nagkaroon kailanman ng tunay na pagmamahal sa aking sariling puso, at hindi pa kailanman nakita ng sarili kong mga mata ang pagiging kaibig-ibig ng Makapangyarihan sa lahat. Ngayon, sa paningin ng Makapangyarihan sa lahat, ako ay kinaluguran Niya, at sa wakas ay nadama ko na ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos. Sa wakas ay natuklasan ko na hindi minamahal ng sangkatauhan ang Diyos dahil lang nilikha Niya ang lahat ng bagay; sa aking pang-araw-araw na buhay, natagpuan ko ang Kanyang walang-hanggang pagiging kaibig-ibig. Paano iyon magiging limitado sa kung ano ang nakikita ngayon?" Sa paglipas ng panahon, marami ring kaibig-ibig na bagay ang nakita kay Pedro. Naging napakamasunurin niya kay Jesus, at siyempre, nagdanas din siya ng ilang problema. Kapag isinasama siya ni Jesus para mangaral sa iba't-ibang lugar, laging

nagpapakumbaba si Pedro at nakikinig sa mga sermon ni Jesus. Hindi siya kailanman naging mapagmataas dahil sa maraming taon ng pagsunod niya kay Jesus. Matapos sabihan ni Jesus na kaya Siya naparito ay upang ipako sa krus nang sa gayon ay matapos Niya ang Kanyang gawain, madalas makaramdam si Pedro ng pighati sa kanyang puso at lihim na iiyak nang mag-isa. Gayunpaman, dumating na sa wakas ang “malungkot” na araw na iyon. Matapos maaresto si Jesus, mag-isang umiyak si Pedro sa kanyang bangkang pangisda at umusal ng maraming dalangin para rito. Ngunit sa kanyang puso, alam niyang ito ang kalooban ng Diyos Ama, at na walang sinumang makapagpapabago roon. Nanatili siyang malungkot at naluluha dahil lamang sa kanyang pagmamahal. Isa itong kahinaan ng tao, siyempre. Sa gayon, nang malaman niyang ipapako si Jesus sa krus, tinanong niya si Jesus, “Sa Iyong pag-alis, babalik Ka ba sa aming piling at babantayan kami? Makikita Ka pa ba namin?” Bagama’t walang kamuwang-muwang ang mga salitang ito at puno ng mga pagkaintindi ng tao, alam ni Jesus ang pait ng pagdurusa ni Pedro, kaya sa pamamagitan ng Kanyang pagmamahal ay isinaalang-alang Niya ang kahinaan ni Pedro: “Pedro, minahal kita. Alam mo ba iyon? Bagama’t walang katwiran ang iyong sinasabi, nangako ang Ama na pagkatapos ng Aking pagkabuhay na mag-uli, magpapakita ako sa mga tao sa loob ng 40 araw. Hindi ka ba naniniwala na malimit na magkakaloob ng biyaya ang Aking Espiritu sa inyong lahat?” Kahit na bahagyang napayapa nito si Pedro, pakiramdam niya ay may isang bagay pa rin na nawawala, kaya nga, matapos mabuhay na mag-uli, hayagang nagpakita si Jesus sa kanya sa unang pagkakataon. Gayunman, para mapigilan si Pedro na patuloy na kumapit sa kanyang mga pagkaintindi, tinanggihan ni Jesus ang labis-labis na pagkaing inihanda ni Pedro para sa Kanya, at naglaho sa isang kisapmata. Mula sa sandaling iyon, sa wakas ay nagkaroon na si Pedro ng mas malalim na pagkaunawa sa Panginoong Jesus at lalo pa Siyang minahal. Pagkatapos ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli, malimit na nagpakita si Jesus kay Pedro. Tatlong beses pa Siyang nagpakita kay Pedro makalipas ang apatnapung araw at umakyat na Siya sa langit. Bawat pagpapakita ay

mismong sa sandaling matatapos na ang gawain ng Banal na Espiritu at magsisimula na ang bagong gawain.

Sa buong buhay niya, nabuhay si Pedro sa pangingisda ngunit, higit pa roon, nabuhay siya upang mangaral. Sa kanyang katandaan, isinulat niya ang una at pangalawang sulat ni Pedro, pati na rin ang ilang liham sa iglesia ng Philadelphia noong panahong iyon. Ang mga tao sa panahong ito ay lubhang naantig sa kanya. Sa halip na magsermon sa mga tao gamit ang sarili niyang mga kaalaman, binigyan niya sila ng angkop na panustos sa buhay. Hindi niya kailanman nakalimutan ang mga turo ni Jesus bago Siya lumisan, at naging inspirasyon ang mga iyon sa kanyang buong buhay. Habang sinusundan si Jesus, nagpasiya siyang suklian ang pagmamahal ng Panginoon ng kanyang kamatayan at sundan ang Kanyang halimbawa sa lahat ng bagay. Sumang-ayon dito si Jesus, kaya nang si Pedro ay 53 taong gulang (mahigit 20 taon nang nakaalis si Jesus), nagpakita sa kanya si Jesus para tumulong na matupad ang kanyang pangarap. Sa loob ng pitong taong kasunod noon, ginugol ni Pedro ang kanyang buhay sa pagkilala sa kanyang sarili. Isang araw, sa pagtatapos ng pitong taong ito, ipinako siya sa krus nang pabaliktad, sa gayon ay winawakasan ang kanyang pambihirang buhay.

Hinango mula sa “Tungkol sa Buhay ni Pedro” ng Mga Pakahulugan sa mga Hiwaga ng mga Salita ng Diyos sa Buong Sansinukob sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Noong siya ay nabubuhay pa, si Pedro ay dumanas ng pagpipino nang daan-daang beses at sumailalim sa maraming masasakit na pagsubok. Ang pagpipinong ito ang naging saligan ng kanyang kataas-taasang pag-ibig sa Diyos, at ang naging pinakamakabuluhang karanasan sa kanyang buong buhay. Na nagawa niyang taglayin ang isang kataas-taasang pag-ibig sa Diyos ay, sa isang banda, dahil sa kanyang kapasiyahan na ibigin ang Diyos; higit na mas mahalaga, gayunpaman, ito ay dahil sa pagpipino at pagdurusa na kanyang pinagdaanan. Ang pagdurusang ito ay ang kanyang naging gabay sa landas ng pag-ibig sa Diyos, at ang naging pinaka-di-malilimutang bagay sa kanya. Kung hindi pagdadaanan ng mga

tao ang kirot ng pagpipino sa pag-ibig sa Diyos, ang kanilang pag-ibig ay puno ng karumihan at ng kanilang sariling mga kagustuhan; ang pag-ibig na kagaya nito ay puno ng mga ideya ni Satanas, at talagang walang kakayahan sa pagpapalugod sa kalooban ng Diyos. Ang pagkakaroon ng kapasiyahan na ibigin ang Diyos ay hindi kagaya ng tunay na pag-ibig sa Diyos. Bagama't lahat ng kanilang iniisip sa kanilang mga puso ay alang-alang sa pag-ibig at pagpapalugod sa Diyos, at kahit na para bang ang kanilang mga saloobin ay nakalaan lahat sa Diyos at wala ni anumang mga ideya ng tao, kapag ang kanilang mga saloobin ay dinala sa harap ng Diyos, hindi Niya pinupuri o binabasbasan ang gayong mga saloobin. Kahit ganap nang naunawaan ng mga tao ang lahat ng mga katotohanan—kapag nakikilala na nila ang lahat ng mga ito—hindi masasabi na ito ay isang tanda ng pag-ibig sa Diyos, hindi masasabi na tunay na iniibig ng mga taong ito ang Diyos. Sa kabila ng pagkaunawa sa maraming katotohanan nang hindi sumasailalim sa pagpipino, walang kakayahan ang mga tao na isagawa ang mga katotohanang ito; tanging sa panahon ng pagpipino mauunawaan ng mga tao ang tunay na kahulugan ng mga katotohanang ito, sa gayon lamang tunay na mapahahalagahan ng mga tao ang kanilang lihim na kahulugan. Sa panahong iyon, kapag muli nilang sinubukan, maisasagawa nila nang maayos ang mga katotohanan, at alinsunod sa kalooban ng Diyos; sa panahong iyon, ang kanilang mga ideyang pantao ay nababawasan, ang kanilang katiwaliang pantao ay lumiliit, at ang kanilang mga damdaming pantao ay umuunti; sa panahon lamang na iyon magiging isang tunay na pagpapahayag ng pag-ibig sa Diyos ang kanilang pagsasagawa. Ang epekto ng katotohanan ng pag-ibig sa Diyos ay hindi natatamo sa pamamagitan ng binigkas na kaalaman o kaisipang nagkukusa, at ni hindi ito maaaring matamo sa pamamagitan ng pag-unawa lamang sa katotohanang iyon. Hinihingi nitong magbayad ang mga tao, na sila ay sumailalim sa maraming kapaitan sa panahon ng pagpipino, at sa gayon lamang magiging dalisay ang kanilang pag-ibig at nakaayon sa puso ng Diyos. Sa Kanyang hinihingi na ibigin Siya ng tao, hindi hinihiling ng Diyos na ibigin Siya ng tao gamit ang silakbo ng

damdamin o ang sarili niyang kalooban; sa pamamagitan lamang ng katapatan at ng paggamit ng katotohanan upang paglingkuran Siya maaaring tunay na ibigin Siya ng tao.

Hinango mula sa “Sa Pamamagitan Lamang ng Pagdanas ng Pagpipino Maaaring Magtaglay ang Tao ng Tunay na Pag-ibig” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Lahat ng hinangad ni Pedro ay kaayon ng puso ng Diyos. Hinangad niyang isakatuparan ang naisin ng Diyos, at kahit nagdusa at nahirapan, naging handa pa rin siyang tuparin ang naisin ng Diyos. Wala nang hihigit pang paghahangad ng isang mananampalataya ng Diyos. Ang hinangad ni Pablo ay may bahid ng kanyang sariling laman, ng kanyang sariling mga palagay, at ng kanyang sariling mga plano at pakana. Hindi siya karapat-dapat na nilalang ng Diyos sa anumang paraan, hindi siya isang taong naghangad na tuparin ang naisin ng Diyos. Hinangad ni Pedro na magpasakop sa mga pagsasaayos ng Diyos, at bagama’t ang gawaing kanyang ginawa ay hindi malaki, ang pangganyak sa likod ng kanyang pagsisikap at ang landas na kanyang tinahak ay tama; bagama’t hindi siya nakakuha ng maraming tao, nagawa niyang sundan ang daan ng katotohanan. Dahil dito masasabi na siya ay isang karapat-dapat na nilalang ng Diyos. Ngayon, kahit hindi ka isang manggagawa, dapat mong magawang gampanan ang tungkulin ng isang nilalang ng Diyos, at hangaring magpasakop sa lahat ng pagsasaayos ng Diyos. Dapat mong masunod ang anumang sinasabi ng Diyos, at maranasan ang lahat ng klase ng mga kapighatian at pagpipino, at bagama’t ikaw ay mahina, sa puso mo ay dapat mo pa ring magawang mahalin ang Diyos. Yaong mga nananagot para sa sarili nilang buhay ay handang gampanan ang tungkulin ng isang nilalang ng Diyos, at ang pananaw ng gayong mga tao tungkol sa paghahangad ang siyang tama. Sila ang mga taong kailangan ng Diyos. Kung marami kang ginawang gawain, at nakamit ng iba ang iyong mga turo, ngunit ikaw mismo ay hindi nagbago, at hindi nagbahagi ng anumang patotoo, o nagkaroon ng anumang tunay na karanasan, sa gayo’y sa katapusan ng iyong buhay, wala pa rin sa iyong mga nagawa ang

nagpapatotoo, nagbago ka na nga ba? Isa ka bang taong naghahangad na matamo ang katotohanan? Sa pahanong iyon, kinasangkapan ka ng Banal na Espiritu, ngunit nang kasangkapanin ka Niya, ginamit Niya ang bahagi mo na maaaring gamitin para gumawa, at hindi Niya ginamit ang bahagi mo na hindi magagamit. Kung hinangad mong magbago, unti-unti kang magagawang perpekto habang kinakasangkapan ka. Subalit walang tinatanggap na responsibilidad ang Banal na Espiritu kung makakamit ka o hindi sa huli, at depende ito sa pamamaraan ng iyong paghahangad. Kung walang mga pagbabago sa iyong personal na disposisyon, iyan ay dahil mali ang iyong pananaw tungo sa paghahangad. Kung hindi ka gantimpalaan, sarili mo nang problema iyon, at dahil hindi mo mismo naisagawa ang katotohanan at hindi mo matupad ang naisin ng Diyos. Kaya nga, wala nang mas mahalaga pa kaysa sa personal mong mga karanasan, at walang mas mahalaga kaysa sa personal mong pagpasok! Sa huli ay sasabihin ng ilang tao, “Napakarami kong nagawang gawain para sa Iyo, at bagama’t maaaring wala akong nagawang naging tanyag, naging masigasig pa rin ako sa aking mga pagsisikap. Hindi Mo ba ako maaaring papasukin na lamang sa langit para kainin ang bunga ng buhay?” Kailangan mong malaman kung anong uri ng mga tao ang Aking nais; yaong mga hindi dalisay ay hindi pinapayagang makapasok sa kaharian, yaong mga hindi dalisay ay hindi pinahihintulutang dungisan ang banal na lupain. Bagama’t maaaring marami kang nagawang gawain, at gumawa ka sa loob ng maraming taon, sa huli kung kalunus-lunos pa rin ang iyong karumihan, hindi katanggap-tanggap sa batas ng Langit na nais mong pumasok sa Aking kaharian! Mula sa pundasyon ng mundo hanggang ngayon, hindi Ako kailanman nakapag-alok ng madaling daan patungo sa Aking kaharian para sa mga humihingi ng pabor sa Akin. Ito ay isang panuntunan sa langit, at walang sinumang makasusuway rito! Kailangan mong hangarin ang buhay. Ngayon, yaong mga gagawing perpekto ay kauri ni Pedro: Sila yaong mga naghahangad ng mga pagbabago sa kanilang sariling disposisyon, at handang magpatotoo sa Diyos at gampanan ang kanilang tungkulin bilang nilalang ng Diyos. Ang ganitong

mga tao lamang ang gagawing perpekto. Kung umaasa ka lang sa mga gantimpala, at hindi mo hinahangad na baguhin ang iyong sariling disposisyon sa buhay, lahat ng iyong pagsisikap ay mawawalan ng saysay—at ito ay isang katotohanang hindi mababago!

Hinango mula sa “Ang Tagumpay o Kabiguan ay Depende sa Landas na Tinatahak ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung ikaw ay isang taong naghahangad na magawang perpekto, kung gayon magpapatotoo ka, at sasabihin mo: “Sa hakbang-hakbang na gawaing ito ng Diyos, natanggap ko ang pagkastigo at paghatol ng Diyos, at bagaman nakapagtiis ako ng matinding pagdurusa, nalaman ko kung paano ginagawang perpekto ng Diyos ang tao, nakamit ko ang gawaing ginagawa ng Diyos, nagkaroon ako ng kaalaman sa pagkamatuwid ng Diyos, at ang Kanyang pagkastigo ay nagligtas sa akin. Ang Kanyang matuwid na disposisyon ay dumating sa akin, at nagdala sa akin ng mga pagpapala at biyaya; ang Kanyang paghatol at pagkastigo ang nag-ingat at dumalisay sa akin. Kung hindi ako nakastigo at nahatulan ng Diyos, at kung ang Kanyang masasakit na salita ay hindi dumating sa akin, hindi ko sana makikilala ang Diyos, at ni hindi ako maliligtas. Nakikita ko ngayon: Bilang isang nilalang, hindi lamang tinatamasa ng isang tao ang lahat ng bagay na nilikha ng Lumikha, ngunit, mas mahalaga, na lahat ng nilalang ay dapat magtamasa ng matuwid na disposisyon ng Diyos at ng Kanyang matuwid na paghatol, sapagkat ang disposisyon ng Diyos ay karapat-dapat sa pagtatamasa ng tao. Bilang isang nilalang na nagawang tiwali ni Satanas, dapat na tamasahin ng isa ang matuwid na disposisyon ng Diyos. Sa Kanyang matuwid na disposisyon ay mayroong pagkastigo at paghatol, at, higit pa rito, mayroong dakilang pag-ibig. Bagaman hindi ko kayang lubos na matamo ang pag-ibig ng Diyos sa ngayon, nagkaroon naman ako ng mabuting kapalaran na makita ito, at dahil dito ako ay pinagpala.” Ito ang landas na nilakaran niyaong mga nakakaranas na magawang perpekto at ito ang kaalaman na sinasabi nila. Ang gayong mga tao ay pareho ni Pedro; mayroon silang parehong mga karanasan ni Pedro. Ang gayong

mga tao ay yaon ding nakatamo ng buhay, at nagtataglay ng katotohanan. Kapag nararanasan nila hanggang sa katapus-tapusan, sa panahon ng paghatol ng Diyos tiyak na ganap nilang iwawaksi sa kanilang sarili ang impluwensya ni Satanas, at matatamo ng Diyos.

Hinango mula sa “Ang mga Karanasan ni Pedro: Ang Kanyang Kaalaman sa Pagkastigo at Paghatol” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

40. Ang mga Prinsipyo sa Pagtatamo ng Pagliligtas ng Diyos

(1) Kinakailangang tanggapin ang paghatol at pagkastigo ng Diyos. ang Kanyang pagtatabas at pagharap, at ang Kanyang mga pagsubok at pagdadalisay, at matutuhang makilala ang Kanyang makatuwirang disposisyon, na nakapagpapabangon ng pagpipitagan para sa Diyos sa iyong puso;

(2) Kinakailangang matanggap ang katotohanan habang kumakain at umiinom ka ng mga salita ng Diyos, at maisagawa ang katotohanan, sa gayon natatamo ang gawain ng Banal na Espiritu, at nauunawaan ang katotohanan at pagpasok sa realidad;

(3) Kinakailangang magtatag ng isang normal na kaugnayan sa Diyos. Magawang manalangin sa Kanya at makipagniig sa Kanya sa pamamagitan ng Kanyang mga salita, at maipagpauna Siya higit sa lahat sa iyong puso, at doon naghahari Siya bilang Hari;

(4) Matalas na makilala ang mga huwad na lider, anticristo, at ang bawat uri ng paniniwalang kontra sa doktrina, at magawang magpasakop at magpatotoo kay Cristo. Sa paggawa lamang nito maaaring maligtas ang isang tao.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang gawain sa mga huling araw ay ang bumigkas ng mga salita. May malalaking pagbabago na maibubunga sa tao sa pamamagitan ng mga salita. Ang mga pagbabagong nangyayari ngayon sa mga taong ito sa pagtanggap nila ng mga salitang ito ay higit kaysa roon sa mga tao noong

sila ay tumanggap ng mga tanda at mga kababalaghan sa Kapanahunan ng Biyaya. Sapagkat, sa Kapanahunan ng Biyaya, ang mga demonyo ay pinalayas sa tao sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay at panalangin, ngunit ang tiwaling mga disposisyon sa kalooban ng tao ay nanatili pa rin. Ang tao ay pinagaling sa kanyang sakit at pinatawad sa kanyang mga kasalanan, ngunit ang gawain ng kung paano maiwawaksi ang tiwaling maka-satanas na disposisyon sa loob ng tao ay hindi pa nagawa. Ang tao ay nailigtas lamang at napatawad sa kanyang mga kasalanan dahil sa kanyang pananampalataya, ngunit ang makasalanang kalikasan ng tao ay hindi naalis at nanatili pa rin sa kanyang kalooban. Ang mga kasalanan ng tao ay napatawad sa pamamagitan ng Diyos na nagkatawang-tao, ngunit hindi ito nangangahulugan na ang tao ay wala nang kasalanan sa kalooban niya. Ang mga kasalanan ng tao ay maaaring mapatawad sa pamamagitan ng handog para sa kasalanan, ngunit walang paraan ang tao para lutasin ang suliranin kung paano siya hindi na muling magkakasala at kung paanong ang kanyang makasalanang kalikasan ay ganap na maiwawaksi at mababago. Ang mga kasalanan ng tao ay napatawad dahil sa gawain ng pagpapapako sa krus ng Diyos, ngunit ang tao ay patuloy na namuhay sa dati niyang tiwaling maka-satanas na disposisyon. Dahil dito, ang tao ay dapat na ganap na mailigtas mula sa kanyang tiwaling maka-satanas na disposisyon upang ang makasalanang kalikasan ng tao ay maaaring ganap na maiwaksi at hindi na kailanman muling mabubuo, at sa gayon ay tinutulutang mabago ang disposisyon ng tao. Kakailanganin nito na maunawaan ng tao ang landas ng paglago sa buhay, ang daan ng buhay, at ang daan upang baguhin ang kanyang disposisyon. Kakailanganin din na ang tao ay kumilos alinsunod sa landas na ito, nang sa gayon ang disposisyon niya ay unti-unting mababago at makakapamuhay siya sa ilalim ng sikat ng liwanag, upang ang lahat ng ginagawa niya ay maging kaayon ng kalooban ng Diyos, upang maiwaksi niya ang kanyang tiwaling maka-satanas na disposisyon, at upang makalaya siya mula sa impluwensya ng kadiliman ni Satanas, at sa gayon ay ganap na makalaya mula sa kasalanan. Saka lamang matatanggap ng

tao ang ganap na kaligtasan. Nang ginagawa ni Jesus ang Kanyang gawain, ang pagkakakilala ng tao sa Kanya ay malabo pa rin at hindi maliwanag. Ang tao ay laging naniwala na Siya ay anak ni David at ipinahayag na Siya ay isang dakilang propeta at ang mabuting Panginoon na tumubos sa mga kasalanan ng tao. Ang ilan, dahil sa lakas ng kanilang pananampalataya, ay gumaling sa pamamagitan lamang ng paghipo sa laylayan ng Kanyang damit; ang bulag ay nakakita at maging ang patay ay nabuhay muli. Gayunman, hindi nagawang matuklasan ng tao ang tiwaling maka-satanas na disposisyon na malalim na nakatanim sa kalooban niya at hindi rin alam ng tao kung paano iwaksi ito. Ang tao ay nakatanggap ng labis na biyaya, tulad ng kapayapaan at kasiyahan ng laman, ang pagpapala ng buong pamilya dahil sa pananampalataya ng isa, at ang pagpapagaling ng mga sakit, at iba pa. Ang natitira ay ang mga mabuting gawa ng tao at kanyang maka-Diyos na itsura; kung ang isang tao ay kayang mabuhay batay sa ganito, siya ay itinuring na isang katanggap-tanggap na mananampalataya. Ang mga mananampalatayang tulad lamang nito ang maaaring pumasok sa langit pagkamatay, na nangangahulugan na sila ay nailigtas. Ngunit, sa kanilang buong buhay, hindi nila naunawaan kahit kaunti ang daan ng buhay. Ang ginawa lamang nila ay gumawa ng mga kasalanan at pagkatapos ay ikumpisal ang kanilang mga kasalanan nang paulit-ulit nang walang anumang landas sa pagbabago ng kanilang disposisyon: Ganyan ang kalagayan ng tao sa Kapanahunan ng Biyaya. Ang tao ba ay nakatanggap ng ganap na kaligtasan? Hindi! Samakatuwid, matapos na makumpleto ang yugtong iyon ng gawain, naroon pa rin ang gawain ng paghatol at pagkastigo. Ang yugtong ito ay para dalisayin ang tao sa pamamagitan ng salita at sa gayo'y bigyan siya ng isang landas na susundan. Ang yugtong ito ay hindi magiging mabunga o makahulugan kung nagpatuloy ito sa pagpapalayas ng mga demonyo, sapagkat ang makasalanang kalikasan ng tao ay hindi maiwawaksi at ang tao ay hihinto lamang sa pagpapatawad ng mga kasalanan. Sa pamamagitan ng handog para sa kasalanan, ang tao ay napatawad sa kanyang mga kasalanan, sapagkat ang gawain ng

pagpapapako sa krus ay dumating na sa katapusan at ang Diyos ay nanaig laban kay Satanas. Ngunit ang tiwaling disposisyon ng tao ay nananatili pa rin sa loob niya at ang tao ay maaari pa ring magkasala at labanan ang Diyos, at hindi pa nakamit ng Diyos ang sangkatauhan. Kung kaya sa yugtong ito ng gawain ay ginagamit ng Diyos ang salita upang ibunyag ang tiwaling disposisyon ng tao, na nagsasanhi sa kanyang magsagawa alinsunod sa tamang landas. Ang yugtong ito ay mas makahulugan kaysa nauna at mas mabunga rin, dahil sa ngayon ang salita ang direktang nagtutustos sa buhay ng tao at nagbibigay-daan upang ang disposisyon ng tao ay ganap na mapanibago; ito ay isang yugto ng gawain na mas masusi. Samakatuwid, nakumpleto ng pagkakatawang-tao sa mga huling araw ang kabuluhan ng pagkakatawang-tao ng Diyos at ganap na tumapos sa plano ng pamamahala ng Diyos para sa kaligtasan ng tao.

Hinango mula sa “Ang Hiwaga ng Pagkakatawang-tao (4)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang kabuluhan ng pananalig sa Diyos ay upang maligtas, kaya ano ang kahulugan ng maligtas? “Maligtas,” “makakalas mula sa maitim na impluwensya ni Satanas”—madalas pag-usapan ng mga tao ang mga paksang ito, ngunit hindi nila alam kung ano ang kahulugan ng maligtas. Ang kahulugan ba ng maligtas ay lumayo sa mga tiwaling disposisyon? Ang kahulugan ba nig maligtas ay huwag magsinungaling? Ang kahulugan ba ng maligtas ay maging matapat na tao, at hindi maghimagsik sa Diyos? Ano ba talaga ang magiging katulad ng tao kapag naligtas sila? May kaugnayan ito sa kalooban ng Diyos. Ang maligtas, sa pangkaraniwang salita, ay nangangahulugang maaari kang patuloy na mabuhay, at na muli kang binuhay. Kaya bago iyon, nakapagsasalita ka, nakakahinga ka, patay ka ba? (Ang espiritu ay patay.) Bakit sinasabing patay ang mga taong patay ang espiritu? Ano ang batayan ng kasabihang ito? Bago maligtas, nasaan sila? (Nasa ilalim ng dominyon ni Satanas.) Namumuhay ang mga tao sa ilalim ng impluwensiya ni Satanas. Saan sila umaasa para mabuhay? Umaasa sila sa kanilang likas na kasamaan at katiwalian para

mabuhay. Kapag ang isang tao ay nabubuhay sa kanilang likas na katiwalian at kasamaan, ang buong katauhan nila—ang kanilang laman, at lahat ng iba pang aspeto katulad ng kanilang kaluluwa at kanilang kaisipan—buhay ba sila o patay? Mula sa pananaw ng Diyos, sila ay patay. Sa tingin, mukhang humihinga ka, kumukurap ang iyong mga mata, at nag-iisip ka, ngunit tungkol saan ang lahat ng iniisip mo? Lahat ng palagi mong iniisip ay tungkol sa mga bagay na sumusuway sa Diyos at paghihimagsik laban sa Diyos, mga bagay na kinamumuhian, kinapopootan, at kinokondena ng Diyos. Sa paningin ng Diyos, hindi lamang kabilang sa laman ang lahat ng bagay na ito, kundi lubusan ding pag-aari ni Satanas at mga diyablo. Kaya ano ang mga tao sa paningin ng Diyos? Mga tao ba sila? Nakikita sila ng Diyos bilang mga diyablo, bilang mga hayop, at bilang mga Satanas, nabubuhay na mga Satanas! Nabubuhay ang mga tao ayon sa mga bagay at diwa ni Satanas, at sa paningin ng Diyos, sila'y nabubuhay na mga Satanas na may laman ng tao. Tinatawag ng Diyos ang gayong mga tao bilang mga naglalakad na bangkay, bilang patay na mga tao. Ginagawa ng Diyos ang Kanyang kasalukuyang gawain ng pagliligtas upang kuhanin ang gayong mga tao—itong mga naglalakad na bangkay na namumuhay sa pamamagitan ng kanilang tiwaling mala-satanas na disposisyon at sa pamamagitan ng kanilang tiwaling diwa—kinukuha Niya ang mga tinatawag na patay na mga tao at ginagawa silang mga buhay. Ito ang ibig sabihin ng maligtas.

Ang punto ng paniniwala sa Diyos ay makamtan ang kaligtasan. Ano ang kahulugan ng maligtas? Ito ay nangangahulugan na mula sa patay na tao ikaw ay naging buhay na tao. Ipinahihiwatig niyan na nanumbalik ang iyong hininga, at buhay ka; binubuksan mo ang iyong mga mata, nakikilala mo ang Diyos, at kaya nagagawa mong yumukod upang sambahin Siya. Sa puso mo, wala ka nang paglaban pa sa Diyos; hindi mo na Siya sinasalungat, sinasalakay, o naghihimagsik laban sa Kanya. Tanging ang mga taong tulad nito ang tunay na buhay sa paningin ng Diyos. Kung sinasabi lamang ng sinuman na kinikilala nila ang Diyos at naniniwala sa kanilang mga puso na may Diyos, sila nga ba ay isa sa mga nabubuhay o

hindi? (Hindi.) Kung gayon anong uri ng mga tao ang mga nabubuhay? Anong klase ng realidad ang mayroon sila? Yaong mga naligtas sa huli ang nagiging buhay. Ang buhay ay nakapagsasalita, kaya ano ang sinasabi nila? Ang buhay may pag-iisip, mga kaisipan at ideya, ngunit ano ang mga bagay na iniisip nila? At anong mga bagay ang ginagawa nila? Ano ang katangian ng ginagawa at sinasabi nila? Ito'y na lahat ng ibinubunyag nila, lahat ng iniisip nila, at lahat ng ginagawa nila ay ginagawa nang may takot sa Diyos at umiiwas sa kasamaan. Upang masabi nang mas angkop, bawat gawa at bawat isip mo ay hindi kinokondena ng Diyos o kinamumuhian at tinatanggihan ng Diyos; sa halip, ang mga ito'y sinasang-ayunan at pinupuri ng Diyos. Ito ang ginagawa ng nabubuhay, at siya ring dapat gawin ng nabubuhay.

Hinango mula sa "Tanging ang Pagiging Totoong Masunurin ang Tunay na Paniniwala" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung nais ng mga tao na maging buhay na mga nilalang at magpatotoo sa Diyos, at maging kanais-nais sa Diyos, dapat nilang tanggapin ang pagliligtas ng Diyos; dapat silang malugod na magpasakop sa Kanyang paghatol at pagkastigo, at dapat nilang malugod na tanggapin ang pagtatabas at pakikitungo ng Diyos. Saka lamang nila maisasagawa ang lahat ng katotohanang hinihingi ng Diyos, at saka lamang nila makakamit ang pagliligtas ng Diyos at magiging tunay na buhay na mga nilalang. Inililigtas ng Diyos ang mga buhay; nahatulan at nakastigo na sila ng Diyos, handa silang italaga ang kanilang mga sarili at masayang ibigay ang kanilang mga buhay para sa Diyos, at malugod nilang ilalaan ang kanilang buong buhay sa Diyos. Tanging kapag nagpapatotoo lamang sa Diyos ang mga buhay saka mapapahiya si Satanas; tanging ang mga buhay lamang ang maaaring magpalaganap ng gawaing ebanghelyo ng Diyos, tanging ang mga buhay lamang ang kaayon ng puso ng Diyos, at tanging ang mga buhay lamang ang tunay na mga tao. Sa simula, ang taong nilikha ng Diyos ay buhay, ngunit dahil sa katiwalian ni Satanas, namumuhay ang tao sa gitna ng kamatayan, at namumuhay sa ilalim ng

impluwensya ni Satanas, kaya nga, sa ganitong paraan, naging patay na walang espiritu ang mga tao, naging mga kaaway sila na sumasalungat sa Diyos, naging mga kasangkapan sila ni Satanas, at naging mga bihag sila ni Satanas. Naging patay na mga tao na ang lahat ng buhay na mga taong nilikha ng Diyos, kaya nawala sa Diyos ang Kanyang patotoo, at nawala sa Kanya ang sangkatauhang Kanyang nilikha na tanging nagtataglay ng Kanyang hininga. Kung babawiin ng Diyos ang Kanyang patotoo at babawiin yaong mga nilikha ng Kanyang sariling kamay subalit nabihag na ni Satanas, kailangan Niyang buhayin silang muli upang maging buhay na mga nilalang sila, at kailangan Niyang bawiin sila upang mamuhay sila sa Kanyang liwanag. Ang mga patay ay yaong mga walang espiritu, yaong mga sukdulang manhid at sumasalungat sa Diyos. Una sa lahat, sila yaong mga hindi nakakikilala sa Diyos. Wala ni katiting na intensyon ang mga taong ito na sumunod sa Diyos; naghihimagsik lamang sila laban sa Kanya at sinasalungat Siya, at wala kahit na katiting na katapatan. Ang mga buhay ay yaong mga isinilang muli ang mga espiritu, na alam sumunod sa Diyos, at mga tapat sa Diyos. Taglay nila ang katotohanan, at ang patotoo, at ang mga taong ito lamang ang nakalulugod sa Diyos sa Kanyang tahanan.

Hinango mula sa “Ikaw Ba ay Isang Taong Nabuhay na?” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa kanilang pananampalataya, kung nais ng mga tao na magtamo ng kaligtasan, ang pinakamahalagang bagay ay kung may banal na takot ba sila sa Diyos at kung may puwang ba Siya sa puso nila. Kung walang-kakayahan ang iyong puso na mamuhay sa harapan Niya, o kung walang normal na kaugnayan sa pagitan mo at ng Diyos, hindi ka kailanman maliligtas. Mahaharangan ang iyong landas tungo sa kaligtasan; narating mo na ang dulo ng daan. Mawawalan ng kabuluhan ang pananalig mo sa Diyos kung umiiral ito sa katawagan lamang, at hindi makakatulong gaano man karaming doktrina ang kaya mong salitain, gaano mang pagdurusa ang pinagdaanan mo, o gaano man kadakila ang iyong mga likas na

kaloob. Sasabihin ng Diyos, “Lumayo ka sa Akin, ikaw na manggagawa ng kasamaan.” Mahahanay ka bilang isang manggagawa ng kasamaan. Wala ka nang kaugnayan sa Diyos; Hindi Siya ang Naghahari sa iyo, hindi Siya ang iyong Manlilikha, hindi Siya ang iyong Diyos, hindi Siya ang iyong sinasamba, at hindi Siya ang iyong sinusunod. Si Satanas at ang mga demonyo ang sinusunod mo. Ikaw ang sarili mong panginoon. At sa huli, lilipulin, kamumuhian, tatanggihan, at parurusahan ng Diyos ang mga taong kagaya mo. Hindi Siya nagliligtas ng gayong mga tao. Tanging kapag tinatanggap ng mga tao na kanilang Panginoon at Hari ang Diyos, tanging kapag tinatanggap nila na Siya ang katotohanan at ang pinagmumulan ng daan at buhay ng tao, at tanging kapag ang lahat ng kanilang ginagawa at ang landas na kanilang tinatahak ay nakakonekta sa katotohanan, sa Diyos, sa pagpapasakop sa harapan Niya, at sa pagsunod sa Kanyang daan—tanging sa ganoon lamang maliligtas sila. Kung hindi naman, susumpain at parurusahan sila ng Diyos. Mabuti ba para sa mga tao na umasa na lang na suwertihin? Tama lang ba para sa kanila na laging manghawak sa kanilang sariling mga kuro-kuro? Tama lang ba para sa kanila na laging manghawak sa mga malalabo at mahihirap unawaing kaisipan o pantasya? (Hindi.) Huwag mong isipin na basta-basta ka na lamang susuwertihin; kung gusto mong magtamo ng kaligtasan sa iyong pananampalataya sa Diyos, wala nang iba pang landas na tatahakin.

Hinango mula sa “Tanging Kapag Namumuhay Ka sa Harapan ng Diyos sa Lahat ng Sandali Makalalakad Ka sa Landas ng Kaligtasan” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang laman ng tao ay kay Satanas, ito ay puno ng mga masuwaying disposisyon, nakakahiya ang karumihan nito, at ito ay isang bagay na hindi malinis. Masyadong nag-iimbot ang mga tao sa kasiyahan ng laman at napakaraming pagpapakita ng laman; ito ang dahilan kaya medyo kinasusuklaman ng Diyos ang laman ng tao. Kapag itinakwil ng mga tao ang marumi at tiwaling mga bagay ni Satanas, nakakamit nila ang pagliligtas ng Diyos. Ngunit kung hindi pa rin nila inaalis sa kanilang sarili ang karumihan at katiwalian, nabubuhay pa rin sila sa ilalim ng sakop ni

Satanas. Ang pakikipagsabwatan, panlilinlang, at kabuktutan ng mga tao ay pawang mga bagay ni Satanas. Ang pagliligtas sa iyo ng Diyos ay upang palayain ka mula sa mga bagay na ito ni Satanas. Ang gawain ng Diyos ay hindi maaaring magkamali; lahat ay ginagawa upang iligtas ang mga tao mula sa kadiliman. Kung medyo naniwala ka na at magagawa mong alisin sa iyong sarili ang katiwalian ng laman, at hindi na nababalot ng katiwaliang ito, hindi ba naligtas ka na? Kung nabubuhay ka sa ilalim ng sakop ni Satanas wala kang kakayahang maipahayag ang Diyos, ikaw ay marumi, at hindi mo matatanggap ang pamana ng Diyos. Kapag nalinis at nagawa ka nang perpekto, ikaw ay magiging banal, magiging isa kang normal na tao, at pagpapalain ka ng Diyos at magiging kalugud-lugod ka sa Kanya.

Hinango mula sa “Pagsasagawa (2)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang tao ay nabubuhay sa gitna ng laman, na nangangahulugang nabubuhay siya sa isang pantaong impiyerno, at kung wala ang paghatol at pagkastigo ng Diyos, ang tao ay kasingdumi ni Satanas. Paano magiging banal ang tao? Naniwala si Pedro na ang pagkastigo at paghatol ng Diyos ang pinakamabuting proteksiyon at pinakadakilang biyaya sa tao. Sa pamamagitan lamang ng pagkastigo at paghatol ng Diyos magigising ang tao at kapopootan ang laman, kamumuhian si Satanas. Ang mahigpit na pagdisiplina ng Diyos ay nagpapalaya sa tao mula sa impluwensya ni Satanas, nagpapalaya sa kanya mula sa kanyang sariling maliit na mundo, at nagtutulot sa kanyang mamuhay sa liwanag ng presensya ng Diyos. Wala nang higit na mabuting pagliligtas kaysa sa pagkastigo at paghatol! Nanalangin si Pedro, “O Diyos! Hangga’t kinakastigo Mo at hinahatulan ako, malalaman ko na hindi Mo ako iniwan. Kahit na hindi Mo ako binibigyan ng kagalakan o kapayapaan, at ginagawa akong mamuhay nang may pagdurusa, at pinagpapasan ako ng hindi-mabilang na mga pagtutuwid, hangga’t hindi Mo ako iniiwan, ang puso ko ay magiging panatag. Ngayon, ang Iyong pagkastigo at paghatol ay naging pinakamabuting proteksiyon ko at pinakadakilang pagpapala. Ang

ibinibigay Mong biyaya sa akin ay nag-iingat sa akin. Ang biyaya na Iyong ipinagkakaloob sa akin ngayon ay pagpapahayag ng Iyong matuwid na disposisyon, at pagkastigo at paghatol; bukod diyan, ito ay isang pagsubok, at, higit pa riyan, ito ay isang buhay ng pagdurusa." Nakayang isantabi ni Pedro ang mga kasiyahan ng laman at hanapin ang isang mas malalim na pag-ibig at higit na pag-iingat, dahil marami siyang nakamtang biyaya mula sa pagkastigo at paghatol ng Diyos. Sa kanyang buhay, kung nais ng tao na malinis at makamtan ang mga pagbabago sa kanyang disposisyon, kung nais niya na isabuhay ang isang makabuluhang buhay, at tuparin ang kanyang tungkulin bilang isang nilalang, kung gayon dapat niyang tanggapin ang pagkastigo at paghatol ng Diyos, at hindi dapat hayaan ang pagdisiplina ng Diyos at pagpalo ng Diyos na lumisan mula sa kanya, upang maaari niyang mapalaya ang kanyang sarili mula sa pagmamanipula at impluwensya ni Satanas, at mamuhay sa liwanag ng Diyos. Kilalanin mo na ang pagkastigo at paghatol ng Diyos ay ang liwanag, at ang liwanag ng kaligtasan ng tao, at na walang higit na mabuting pagpapala, biyaya o pag-iingat para sa tao. Ang tao ay nabubuhay sa ilalim ng impluwensya ni Satanas, at umiiral sa laman; kung hindi siya nalilinis at hindi nakatatanggap ng pag-iingat ng Diyos, kung gayon ang tao ay lalo kailanmang magiging higit na masama. Kung nais niyang ibigin ang Diyos, kung gayon dapat siyang malinis at maligtas.

Hinango mula sa "Ang mga Karanasan ni Pedro: Ang Kanyang Kaalaman sa Pagkastigo at Paghatol" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay kinakailangan, at may pambihirang kabuluhan, dahil ang lahat ng ginagawa Niya sa tao ay may kinalaman sa Kanyang pamamahala at pagliligtas sa sangkatauhan. Natural lamang na ang gawaing ginawa ng Diyos kay Job ay hindi naiiba, kahit na si Job ay perpekto at matuwid sa paningin ng Diyos. Sa madaling salita, kahit ano pa ang ginagawa ng Diyos o ang paraan na ginagamit Niya para gawin ito, kahit ano pa ang halaga, o ang Kanyang nilalayon, ang layunin ng Kanyang mga kilos ay hindi nagbabago. Ang Kanyang layunin ay upang

ipasok sa tao ang mga salita ng Diyos, mga kinakailangan ng Diyos, at ang kalooban ng Diyos para sa tao, Sa madaling salita, ito ay upang ipasok sa tao ang lahat ng pinaniniwalaan ng Diyos na positibo alinsunod sa Kanyang mga hakbang, na nagbibigay sa tao ng pagkaunawa sa puso ng Diyos at pagkaintindi sa diwa ng Diyos, at nagpapahintulot sa kanya na sundin ang dakilang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos, at nang sa gayon ay magkaroon ng daan upang matamo ng tao ang pagkakaroon ng takot sa Diyos at paglayo sa kasamaan—ang lahat ng ito ay isang aspeto ng layunin ng Diyos sa lahat ng Kanyang ginagawa. Ang isa pang aspeto ay, dahil si Satanas ang hambingan at nagsisilbing gamit-pangserbisyo sa gawain ng Diyos, ang tao ay madalas na ibinibigay kay Satanas; paraan ito na ginagamit ng Diyos upang makita ng mga tao ang kasamaan, kapangitan, at pagiging kasuklam-suklam ni Satanas sa gitna ng mga pagtukso at pag-atake nito, na nagiging dahilan upang kamuhian ng mga tao si Satanas at magawang malaman at makilala ang mga bagay na negatibo. Ang prosesong ito ay nagbibigay-daan sa kanila upang unti-unti nilang mapalaya ang kanilang mga sarili mula sa pamamahala ni Satanas, at mula sa mga paratang, pakikialam, at pag-atake nito—hanggang, salamat sa mga salita ng Diyos, ang kanilang kaalaman at pagsunod sa Diyos, at ang kanilang pananampalataya sa Diyos at takot sa Kanya, ay magdala sa kanila ng tagumpay laban sa mga pag-atake at paratang ni Satanas; doon lamang sila ganap na maiaadya mula sa nasasakupan ni Satanas. Ang paglaya ng mga tao ay nangangahulugan na si Satanas ay natalo, ito ay nangangahulugan na hindi na sila pagkain sa bibig ni Satanas—na sa halip na lunukin sila, pinakawalan sila ni Satanas. Ito ay sa kadahilanang ang mga taong ito ay matuwid, may pananampalataya, masunurin, at may takot sa Diyos, at dahil tuluyan silang kumakawala kay Satanas. Nagdadala sila ng kahihiyan kay Satanas, ginagawa nilang duwag si Satanas, at tuluyan nilang tinatalo si Satanas. Ang kanilang matibay na paniniwala sa pagsunod sa Diyos, at ang pagsunod at takot nila sa Diyos ang tumatalo kay Satanas, at nagiging dahilan kung bakit ganap silang isinusuko ni Satanas. Ang mga taong tulad

nito lamang ang tunay na nakamtan ng Diyos, at ito ang tunay na layunin ng Diyos sa pagligtas sa tao. Kung nais nilang mailigtas, at nais nilang ganap na makamit ng Diyos, ang lahat ng sumusunod sa Diyos ay dapat humarap sa mga maliliit at malalaking tukso at pag-atake na galing kay Satanas. Ang mga taong mangingibabaw sa mga tukso at pag-atake na ito at nagagawang ganap na talunin si Satanas ay ang mga nailigtas ng Diyos. Ibig sabihin, ang mga tao na nailigtas ng Diyos ay iyong mga sumailalim sa mga pagsubok ng Diyos, at ang mga tinukso at inatake ni Satanas nang hindi mabilang na pagkakataon. Nauunawaan ng mga taong nailigtas ng Diyos ang kalooban at mga hinihingi ng Diyos, at nagagawa nilang sumunod sa dakilang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos, at hindi nila itinatakwil ang daan ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at paglayo sa kasamaan sa gitna ng mga panunukso ni Satanas. Ang mga taong nailigtas ng Diyos ay nagtataglay ng katapatan, sila ay may mabubuting puso, napaghihiwalay nila ang pag-ibig at poot, may pagkakaunawa sila sa katarungan at sila ay makatuwiran, at nagagawa nilang pangalagaan ang Diyos at pahalagahan ang lahat ng sa Diyos. Ang ganitong mga tao ay hindi naigagapos, namamanmanan, napararatangan, o naaabuso ni Satanas. Sila ay ganap na malaya, sila ay ganap na napalaya at napakawalan na. Si Job ay isang tao ng kalayaan, at ito ang tiyak na kahulugan kung bakit ipinasa siya ng Diyos kay Satanas.

Hinango mula sa “Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo II” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang pananampalataya, at pagkamasunurin ni Job, at ang kanyang patotoo sa pagtatagumpay laban kay Satanas ay mapagkukunan ng malaking tulong at lakas ng loob ng mga tao. Kay Job, sila ay nakakakita ng pag-asa para sa kanilang sariling kaligtasan, at nakita nila na sa pamamagitan ng pananampalataya, at pagsunod at takot sa Diyos, ganap na posibleng talunin si Satanas at manaig laban kay Satanas. Nakikita nila na hangga’t hindi sila tumututol sa dakilang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos, at taglay nila ang determinasyon at

pananampalataya na hindi itakwil ang Diyos matapos na mawala sa kanila ang lahat, maaari silang magdala ng kahihiyan at pagkatalo kay Satanas, at kailangan lamang nilang taglayin ang determinasyon at tiyaga upang manindigan sa kanilang patotoo—kahit na ito ay nangangahulugan ng pagkawala ng kanilang mga buhay—upang maduwag at mabilisang sumuko si Satanas. Ang patotoo ni Job ay isang babala sa mga sumusunod na henerasyon, at ang babalang ito ay nagsasabi sa kanila na kung hindi nila tatalunin si Satanas, hindi nila kailanman magagawang makawala sa mga paratang at panghihimasok sa kanila ni Satanas, at hindi rin nila kailanman magagawang makatakas sa pang-aabuso at pag-atake ni Satanas. Ang patotoo ni Job ay nagbigay ng kaliwanagan sa mga sumunod na henerasyon. Itinuturo ng kaliwanagang ito sa mga tao na kung sila ay perpekto at matuwid, saka lamang nila magagawang magkaroon ng takot sa Diyos at lumayo sa kasamaan; itinuturo nito sa kanila na kapag sila ay may takot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan, saka lamang nila makakayanang magkaroon ng malakas at tumataginting na patotoo sa Diyos; kapag sila ay may malakas at umuugong na patotoo sa Diyos, saka lamang sila kailanman hindi na mapamamahalaan ni Satanas, at sila ay mabubuhay sa ilalim ng paggabay at pag-iingat ng Diyos—at doon lamang sila tunay na nailigtas. Ang personalidad ni Job at ang ginagawa niya sa kanyang buhay ay dapat tularan ng lahat ng nagnanais ng kaligtasan. Ang kanyang isinabuhay sa kanyang buong buhay at ang kanyang asal sa panahon ng kanyang mga pagsubok ay isang mahalagang kayamanan para sa lahat ng sumusunod sa daan ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at paglayo sa kasamaan.

Hinango mula sa “Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo II” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kapag ang mga tao ay ililigtas pa lamang, ang mga buhay nila ay madalas na pinanghihimasukan, at maaaring pinamamahalaan, ni Satanas. Sa madaling salita, ang mga tao na hindi pa naililigtas ay mga bilanggo ni Satanas, sila ay walang kalayaan, hindi pa sila binibitawan ni Satanas, sila

ay hindi naaangkop at walang karapatan na sumamba sa Diyos, at sila ay labis na tinutugis at nilulusob nang matindi ni Satanas. Ang ganitong mga tao ay walang kaligayahan na masasabi, wala silang karapatan sa isang karaniwang buhay na masasabi, at higit pa rito, wala silang dangal na masasabi. Tanging kung ikaw ay maninindigan at makikipaglaban kay Satanas gamit ang iyong pananampalataya at pagsunod sa Diyos, at takot sa Diyos, bilang iyong mga sandata na gagamitin para sa isang buhay-at-kamatayan na pakikipaglaban kay Satanas, kung saan sukdulan mong matatalo si Satanas na magiging dahilan ng pag-urong ng buntot nito at pagiging duwag sa tuwing makikita ka, upang tuluyan na nitong itigil ang mga paglusob at paratang laban sa iyo—saka ka lang maililigtas at magiging malaya. Kung ikaw ay determinadong lumaya nang lubusan mula kay Satanas, ngunit wala kang mga sandatang tutulong sa iyo upang talunin si Satanas, ikaw ay manganganib pa rin; at sa paglipas ng panahon, kapag ikaw ay lubhang napahirapan na ni Satanas na wala nang natitirang lakas sa iyo, ngunit hindi mo pa rin magawang magpatotoo, hindi pa rin tuluyang napapalaya ang iyong sarili sa mga paratang at paglusob ni Satanas laban sa iyo, magiging maliit lamang ang pag-asa na maililigtas ka. Sa huli, kapag ipinapahayag na ang konklusyon ng gawain ng Diyos, nasa mahigpit na pagkakahawak ka pa rin ni Satanas, kung saan hindi mo magawang palayain ang iyong sarili, at dahil dito hindi ka na kailanman magkakaroon ng pagkakataon o pag-asa. Kung gayon, ang ipinapahiwatig nito ay magiging ganap na mga bihag ni Satanas ang ganitong mga tao.

Hinango mula sa “Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo II” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ano ang mga kondisyong kailangang maabot ng isang tao upang makatanggap ng kaligtasan? Una sa lahat, kailangang taglay nila ang kakayahang kilalanin ang mga mala-satanas na mga anticristo; kailangang taglayin nila ang aspetong ito ng katotohanan. Sa pamamagitan lamang ng pagkakaroon ng aspetong ito ng katotohanan sila tunay na makakasampalataya sa Diyos at makakaiwas sa pagsamba o pagsunod sa

tao; tanging mga tao na makakakilala sa mga anticristo ang may kakayanang manampalataya nang totoo sa Diyos at sumunod at magpatotoo sa Kanya. Upang makilala ang mga anticristo, kailangang matuto muna ang mga tao na makita ang mga tao at mga bagay nang may ganap na kalinawan at pag-unawa; kailangan nilang makita ang diwa ng mga anticristo, at kailangan nilang matarok ang lahat ng kanilang mga sabwatan, panlilinlang, panloob na motibasyon, at mga layunin. Kung magagawa mo ito, makapaninindigan ka nang matibay. Kung nais mong makamit ang kaligtasan, ang unang pagsubok na kailangan mong malagpasan ay ang matutunan kung paano gapiin si Satanas at kung paano managumpay at magwagi sa mga masasamang kapangyarihan at paggambala mula sa sanlibutan. Kapag taglay mo na ang katayuan at sapat na katotohanan upang manatili hanggang sa wakas sa pakikipaglaban sa mga pwersa ni Satanas, at nagapi sila, sa pagkakataong iyon—at doon lamang—matibay na mapagsisikapan mong maatim ang katotohanan, at doon lamang maaari kang humakbang nang matatag at walang sakuna sa landas ng pagsusumikap para sa katotohanan at pagtamo ng kaligtasan. Kung hindi mo malalagpasan ang pagsubok na ito, kung gayon maaaring masabing nasa malaking panganib ka, at maaari kang mahuli ng isang anticristo at madala upang mamuhay sa ilalim ng impluwensya ni Satanas. Maaaring sa kasalukuyan ay may ilan sa mga pinuno at manggagawa na pumipigil at tumitisod sa mga taong nagsusumikap para sa katotohanan, at sila'y mga kaaway ng mga taong ito. Tinatanggap ba ninyo ito? May ilang mga pinuno at manggagawa na hindi nangangahas na harapin ang katotohanang ito, ni hindi rin sila nangangahas na tanggapin ito bilang katunayan. Sa totoo lang, ang mga bagay na ito ay tunay na umiiral sa iglesia; hindi lamang sila makita ng mga tao. Kung hindi mo malalagpasan ang pagsubok na ito—ang pagsubok ng mga anticristo, ikaw'y nalinlang at kinukontrol ng mga anticristo o pinagdurusa, pinahihirapan, tinutulak palabas, pinipigilan, at inaabuso nila. Sa huli, hindi makakatagal ang maliit mong buhay, at malalanta; hindi ka na magkakaroon ng pananampalataya sa Diyos, at iiwanan mo Siya, na

nagsasabing, “Hindi nga makatuwiran ang Diyos; nasaan ang Diyos? Walang katuwiran o liwanag sa sanlibutang ito, at walang pagliligtas ng Diyos sa sangkatauhan. Mas mabuti pang gugulin natin ang ating mga araw na nagtatrabaho at kumikita ng pera!” Itinatatwa mo ang Diyos at hindi na naniniwalang Siya’y umiiral; lubos nang nawala ang anumang pag-asa na makakamit mo ang kaligtasan. Kaya’t kung nais mong makarating kung saan maaari kang mabigyan ng kaligtasan, ang unang pagsubok na kailangan mong maipasa ay ang magawang matarok si Satanas, at dapat ay mayroon kang tapang na manindigan at ilantad at itakwil si Satanas. Nasaan, kung gayon, si Satanas? Si Satanas ay nasa iyong tabi at nasa palibot mo; maaari pa ngang namumuhay sa loob ng iyong puso. Kung nabubuhay ka sa loob ng disposisyon ni Satanas, maaaring masabi na ikaw’y kay Satanas. Hindi mo makikita o mahahawakan ang Satanas ng espirituwal na kaharian, ngunit ang Satanas na umiiral sa praktikal na buhay ay naroon kahit saan. Sinumang tao na namumuhi sa katotohanan ay masama, at ang sinumang pinuno o manggagawa na hindi tumatanggap sa katotohanan ay isang anticristo at isang masamang tao. Hindi ba’t nabubuhay na mga Satanas ang mga gayong tao? Maaaring ang mga gayong tao ay sila mismo na iyong sinasamba at hinahangaan; maaaring sila ang mga taong namumuno sa iyo o mga taong matagal mo nang inaasam, hinahangaan, pinagkakatiwalaan at inaasahan sa iyong puso. Sa totoo lang, gayunpaman, sila’y mga hadlang sa iyong landas at pumipigil sa iyong pagkamit ng kaligtasan; sila’y mga anticristo. Maaari nilang kontrolin ang iyong buhay at ang landas na iyong nilalakaran, at maaari nilang sirain ang iyong pag-asang mabigyan ng kaligtasan. Kung mabibigo kang kilalanin at matarok sila, sa anumang sandali, maaari kang mahulog sa kanilang mga bitag o mahuli at madala nila. Kaya’t ikaw’y nasa malaking panganib.

Hinango mula sa “Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (1)” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Yaong mga hindi naghahabol sa kaalaman sa mga bagay-bagay sa

espiritu, na hindi naghahabol ng kabanalan, at hindi naghahabol na maisabuhay ang katotohanan, anupa't sapat na sa kanila ang malupig sa negatibong panig, at hindi kayang isabuhay ang mga salita ng Diyos at maging mga taong banal—sila yaong mga taong hindi nailigtas. Sapagkat, kung hindi niya taglay ang katotohanan, hindi kakayanin ng taong manatiling nakatayo sa panahon ng mga pagsubok ng Diyos; tanging ang may kakayahan na tumayong matatag sa panahon ng mga pagsubok ng Diyos ang siyang mga nailigtas. Ang nais Ko ay mga taong tulad ni Pedro, mga taong nagsisikap na magawang perpekto. Ang katotohanan sa ngayon ay ipinagkakaloob sa mga nananabik at naghahanap dito. Ang pagliligtas na ito ay iginagawad sa mga yaong mahigpit na nagnanais na mailigtas ng Diyos, at hindi lamang ito itinakda upang makamit ninyo. Ang layunin nito ay upang maaaring makamit din kayo ng Diyos; nakakamit ninyo ang Diyos upang maaari kayong makamit ng Diyos. Ngayon ay winika Ko ang mga salitang ito sa inyo, at narinig ninyo ang mga yaon, at dapat kayong magsagawa ayon sa mga salitang ito. Sa huli, ang oras na isinagawa ninyo ang mga salitang ito ay magiging sandali kung kailan ay nakamit Ko kayo sa pamamagitan ng mga salitang ito; kasabay nito, ay inyo ring makakamit ang mga salitang ito, na ibig sabihin, ay makakamit ninyo ang pinakamataas na kaligtasang ito. Kapag kayo ay nalinis, kayo ay magiging isang tunay na tao na. Kung hindi mo kayang isabuhay ang katotohanan, o isabuhay ang wangis ng isa na nagawa nang perpekto, kung gayon ay masasabing ikaw ay hindi isang tao, kundi isang naglalakad na bangkay, isang hayop, dahil wala sa iyo ang katotohanan, na ibig sabihin ay wala sa iyo ang hininga ni Jehova, sa gayon ikaw ay isang patay na tao na walang espiritu! Bagaman posible na magpatotoo pagkatapos mong malupig, ang natamo mo lamang ay kaunting kaligtasan, at hindi ka pa naging isang buhay na taong nilalang na may taglay na espiritu. Bagaman nakaranas ka ng pagkastigo at paghatol, ang iyong disposisyon ay hindi napanibago o nabago bilang resulta; ikaw ay ang dati mo pa ring sarili, kabilang ka pa rin kay Satanas, at ikaw ay hindi isang tao na nalinis. Tanging yaong mga nagawang perpekto ang may halaga, at ang mga

ganitong tao lamang ang nakatamo ng isang tunay na buhay.

Hinango mula sa “Ang mga Karanasan ni Pedro: Ang Kanyang Kaalaman sa Pagkastigo at Paghatol” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

41. Ang mga Prinsipyo ng Pagtatamo ng Pagka-ayon sa Diyos

(1) Kinakailangang tanggapin ang paghatol at pagkastigo ng mga salita ng Diyos, at madalisay mula sa tiwaling disposisyon ng isang tao. Saka lamang garantisadong hindi na sila susuway o lalaban sa Diyos;

(2) Kinakailangang hanapin ang katotohanan at maunawaan ang iba-ibang aspekto nito. Saka lamang garantisadong ang mga pananaw ng isang tao sa mga bagay-bagay ay nakatutugon sa mga kay Cristo at hindi sumasalungat sa mga ito;

(3) Kinakailangang magpasakop sa lahat ng salita ng Diyos; Kahit kapag hindi nauunawaan ng isang tao ang mga ito, dapat nilang matutuhang hangarin ang pagpapasakop sa katotohanan, upang magarantiyahan na hindi nila sinusuway o nilalabanan ang Diyos;

(4) Kinakailangang tanggapin ang pagpeperpekto ni Cristo, at makamit ang pagbabago sa disposisyon ng buhay ng isang tao. Saka lamang lubos na makapagpapasakop kay Cristo at maaaring maging isang taong nagpapatotoo sa Kanya.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Dapat Mong Hangarin ang Daan ng Pagiging-Magkaayon kay Cristo

(Isang Piniling Kabanata ng Salita ng Diyos)

Nagawa Ko ang maraming gawain sa tao, at sa panahong ito nagpahayag din Ako ng maraming mga salita. Ang lahat ng mga salitang ito ay para sa kapakanan ng kaligtasan ng tao at ipinahayag upang ang tao ay maging kaayon sa Akin. Gayunman, iilang mga tao lamang sa lupa na nakamit Ko ang kaayon sa Akin, at kaya sinasabi Kong hindi pinahahalagahan ng tao ang mga salita Ko—ito ay sapagkat hindi kaayon ang tao sa Akin. Sa ganitong pamamaraan, ang gawaing ginagawa Ko ay

hindi lamang upang sumamba sa Akin ang tao; mas mahalaga, ito ay upang maging kaayon sa Akin ang tao. Naging tiwali ang tao at namumuhay sa bitag ni Satanas. Nabubuhay sa laman ang lahat ng mga tao, nabubuhay sa mga makasariling pagnanasa, at walang ni isa man sa kanila ang kaayon sa Akin. Mayroong yaong mga nagsasabing kaayon sila sa Akin, ngunit ang ganitong mga tao ay sumasamba lahat sa mga malalabong diyos-diyosan. Bagamat kinikilala nilang banal ang pangalan Ko, tumatahak sila sa landas na taliwas sa Akin, at puno ang mga salita nila ng pagmamataas at kumpiyansa sa sarili. Ito ay dahil, sa ugat, laban silang lahat sa Akin at hindi kaayon sa Akin. Araw-araw, naghahanap sila ng mga bakas Ko sa Biblia at nakahahanap nang walang pili ng “angkop” na mga siping kanilang walang katapusang binabasa at binibigkas bilang mga banal na kasulatan. Hindi nila alam kung paano maging kaayon sa Akin ni ang kahulugan ng maging laban sa Akin. Nagbabasa lamang sila ng mga banal na kasulatan nang walang taros. Sa loob ng Biblia, ipinipilit nila ang isang malabong Diyos na hindi pa nila kailanman nakikita, at walang kakayahang makita, at inilalabas upang tingnan sa kanilang pagliliwaliw. Naniniwala sila sa pag-iral Ko sa loob lamang ng saklaw ng Biblia, at ipinapantay nila Ako sa Biblia; kung wala Ako wala ang Biblia, at kung wala ang Biblia wala Ako. Hindi sila nagbibigay ng pansin sa pag-iral o mga kilos Ko, ngunit sa halip ay nag-uukol ng sukdulan at espesyal na pansin sa bawat salita ng Banal na Kasulatan. Marami pa ang naniniwala na hindi Ko dapat gawin ang anumang bagay na nais Kong gawin maliban kung ito ay hinulaan ng Banal na Kasulatan. Nagbibigay sila ng sobrang pagpapahalaga sa Banal na Kasulatan. Masasabing nakikita nilang napakahalaga ang mga salita at mga pagpapahayag, hanggang sa ginagamit nila ang mga bersikulo mula sa Biblia upang sukatin ang bawat salitang sinasabi Ko at upang kondenahin Ako. Ang hinahangad nila ay hindi ang daan ng pagiging-magkaayon sa Akin o ang daan ng pagiging-magkaayon sa katotohanan, ngunit ang daan ng pagiging-magkaayon sa mga salita ng Biblia, at naniniwala silang anumang hindi umaayon sa Biblia ay, walang pagbubukod, hindi Ko gawain. Hindi ba ang ganitong mga tao

ay ang masusunuring mga inapo ng mga Fariseo? Ginamit ng mga Fariseong Hudyo ang batas ni Moises upang parusahan si Jesus. Hindi nila hinangad ang pagiging-magkaayon sa Jesus ng panahong iyon, ngunit masusing sinunod ang eksaktong sinabi ng batas, hanggang—matapos Siyang kasuhan ng hindi pagsunod sa batas ng Lumang Tipan at pagiging hindi ang Mesiyas—sa huli ipinako nila sa krus ang walang-salang Jesus. Ano ang pinakadiwa nila? Hindi ba't hindi nila hinangad ang daan sa pagiging-magkaayon sa katotohanan? Nahumaling sila sa bawat salita ng Banal na Kasulatan habang hindi nagbibigay pansin sa kalooban Ko o sa mga hakbang at mga kaparaanan ng gawain Ko. Hindi sila mga taong naghangad ng katotohanan, ngunit mga taong mahigpit na kumapit sa mga salita; hindi sila mga taong naniwala sa Diyos, ngunit mga taong naniwala sa Biblia. Sa pinakadiwa, mga tagapagbantay sila ng Biblia. Upang mapangalagaan ang mga interes ng Biblia, upang mapanatili ang dangal ng Biblia, at upang maprotektahan ang reputasyon ng Biblia, humantong sila sa pagpako nila sa krus sa mahabaging Jesus. Ginawa nila ito alang-alang lamang sa pagtatanggol sa Biblia, at alang-alang sa pagpapanatili ng katayuan ng bawat salita ng Biblia sa puso ng mga tao. Kaya ginusto nilang talikdan ang kinabukasan nila at ang handog para sa kasalanan upang kondenahin si Jesus, na hindi umayon sa doktrina ng Banal na Kasulatan, sa kamatayan. Hindi ba sila mga manghihibo sa bawat salita ng Banal na Kasulatan?

At ano naman ang mga tao ngayon? Dumating si Cristo upang ilabas ang katotohanan, subalit mas gugustuhin nilang paalisin Siya mula sa mundong ito upang makamit nila ang pagpasok sa langit at makatanggap ng biyaya. Mas gugustuhin pa nilang lubos na ikaila ang pagdating ng katotohanan upang mapangalagaan ang mga interes ng Biblia, at mas gugustuhin pa nilang muling ipako sa krus ang Cristong nagbalik sa katawang-tao upang matiyak ang walang hanggang pag-iral ng Biblia. Paanong matatanggap ng tao ang pagliligtas Ko kung mapaghangad ng masama ang puso niya at laban sa Akin ang kalikasan niya? Namumuhay Ako kasama ng tao, ngunit hindi alam ng tao ang pag-iral Ko. Kapag

pinagniningning Ko ang liwanag Ko sa tao, nananatili pa rin siyang mangmang sa pag-iral Ko. Kapag pinakakawalan Ko ang galit Ko sa tao, ikinakaila niya ang pag-iral Ko nang may mas higit pang kalakasan. Naghahanap ang tao ng pagiging-magkaayon sa mga salita at pagiging-magkaayon sa Biblia, subalit wala ni isang tao ang pumupunta sa harap Ko upang hangarin ang daan sa pagiging-magkaayon sa katotohanan. Tinitingala Ako ng tao sa langit at nagtutuon ng natatanging malasakit sa pag-iral Ko sa langit, subalit walang nagmamalasakit sa Akin sa katawang-tao, dahil Ako na namumuhay kasama ng tao ay sobrang walang halaga. Yaong mga tanging naghahangad lamang ng pagiging-magkaayon sa mga salita sa Biblia at tanging naghahangad lamang ng pagiging-magkaayon sa malabong Diyos ay mga kahabag-habag sa paningin Ko. Iyon ay dahil ang sinasamba nila ay patay na mga salita, at isang Diyos na may kakayahang bigyan sila ng hindi mabilang na kayamanan; ang sinasamba nila ay isang Diyos na inilalagay ang sarili Niya sa awa ng tao—isang Diyos na hindi umiiral. Ano, kung gayon, ang makakamit ng ganitong mga tao mula sa Akin? Masyadong mababa ang tao para sa mga salita. Yaong mga laban sa Akin, na gumagawa ng walang katapusang mga paghingi sa Akin, na mga walang pagmamahal sa katotohanan, na mga mapanghimagsik tungo sa Akin—paano sila magiging kaayon sa Akin?

Yaong mga laban sa Akin ay yaong mga hindi kaayon sa Akin. Ganito rin ang kaso ng yaong mga hindi nagmamahal sa katotohanan. Yaong mga naghihimagsik laban sa Akin ay lalo pang laban sa Akin at hindi kaayon sa Akin. Iniaabot Ko sa mga kamay ng masama lahat yaong mga hindi kaayon sa Akin, at ipinauubaya Ko sila sa katiwalian ng masama, bibigyang kalayaan silang ibunyag ang kasamaan nila, at sa huli ay ibibigay sila sa masama upang lamunin. Hindi Ko iniintindi kung gaano karami ang sumasamba sa Akin, na ang ibig sabihin, hindi Ko iniintindi kung gaano karami ang naniniwala sa Akin. Ang iniintindi Ko lamang ay kung gaano karami ang kaayon sa Akin. Iyon ay dahil ang lahat yaong mga hindi kaayon sa Akin ay mga masasamang ipinagkakanulo Ako; mga kaaway Ko sila, at hindi ko “isasadambana” ang mga kaaway Ko sa tahanan Ko.

Yaong mga kaayon sa Akin ay magpakailanmang maglilingkod sa Akin sa tahanan Ko, at yaong mga lumalaban sa Akin ay magpakailanmang magdurusa sa kaparusahan Ko. Yaong mga may pakialam lamang sa mga salita ng Biblia at hindi nababahala sa katotohanan o sa paghahangad sa mga yapak Ko—laban sila sa Akin, dahil nililimitahan nila Ako ayon sa Biblia, at ipinipilit nila Ako sa loob ng Biblia, at sukdulang napakalapastangan tungo sa Akin. Paanong nangangahas pumunta sa harap Ko ang ganitong mga tao? Hindi sila nagbibigay pansin sa mga gawa Ko, o sa kalooban Ko, o sa katotohanan, ngunit sa halip ay nahuhumaling sila sa mga salita—mga salitang pumapatay. Paanong magiging kaayon sa Akin ang ganitong mga tao?

Nakapagpahayag na Ako ng napakaraming mga salita, at naipahayag Ko na rin ang kalooban at disposisyon Ko, ngunit kahit na, walang kakayahan pa rin ang mga tao na mabatid Ako at maniwala sa Akin. O, maaaring sabihin, walang kakayahan pa rin ang mga tao na sumunod sa Akin. Yaong mga nabubuhay sa loob ng Biblia, yaong mga nabubuhay sa loob ng batas, yaong mga nabubuhay sa krus, yaong mga nabubuhay ayon sa doktrina, yaong mga nabubuhay sa gitna ng mga gawaing ginagawa Ko ngayong araw—sino sa kanila ang kaayon sa Akin? Iniisip ninyo lamang ang tumanggap ng mga biyaya at mga gantimpala, ngunit hindi pa kailanman nagbigay ng pag-iisip sa kung paano magiging kaayon sa Akin, o kung paano mapipigilan ang mga sarili ninyo mula sa pagiging laban sa Akin. Sobra Akong nadismaya sa inyo, dahil nakapagbigay na Ako sa inyo ng napakarami, gayon pa man napakaliit ng nakamit Ko mula sa inyo. Ang panlilinlang ninyo, ang kayabangan ninyo, ang kasakiman ninyo, ang labis-labis na mga paghahangad ninyo, ang pagkakanulo ninyo, ang pagsuway ninyo—alin sa mga ito ang makatatakas sa pansin Ko? Bulagsak kayo sa Akin, niloloko ninyo Ako, nilalait ninyo Ako, hinihimok ninyo Ako, hinihingan ninyo Ako at kinikikilan ninyo Ako para sa mga sakripisyo—paano makaiiwas sa kaparusahan Ko ang gayong kalubhang kasamaan? Ang lahat ng paggawa ng masama na ito ay isang patunay ng pagkapoot ninyo laban sa Akin at patunay ng inyong hindi pagkakatugma sa Akin. Ang

bawat isa sa inyo ay naniniwalang ang mga sarili ninyo ay sobrang kaayon sa Akin, ngunit kung iyon ang kalagayan, kanino mailalapat ang gayong hindi mapabubulaanang patunay? Naniniwala kayong tinataglay ng mga sarili ninyo ang sukdulang kataimtiman at pagkamatapat tungo sa Akin. Iniisip ninyong kayo ay napakabait, napakamahabagin, at naglaan na nang sobra para sa Akin. Iniisip ninyong may sapat na kayong nagawa na para sa Akin. Ngunit pinanghawakan na ba ninyo ito laban sa sarili ninyong mga kilos? Sinasabi Kong kayo ay napakamapagmataas, napakasakim, napakawalang interes; ang mga panlalansing kung saan niloloko ninyo Ako ay napakatalino, at marami kayong mga kasuklam-suklam na balak at mga kasuklam-suklam na kaparaanan. Masyadong kakaunti ang pagkamatapat ninyo, masyadong hamak ang pagkamasigasig ninyo, at ang budhi ninyo ay higit pang mas salat. Mayroong labis na mapaghangad ng masama sa mga puso ninyo, at walang sinumang maliligtas mula sa masamang kalooban ninyo, kahit Ako. Pinagsarahan ninyo Ako para sa kapakanan ng mga anak ninyo, o ng asawang lalaki ninyo, o ng sarili ninyong pangangalaga sa sarili. Sa halip na magmalasakit sa Akin, nagmamalasakit kayo sa pamilya ninyo, sa mga anak ninyo, sa katayuan ninyo, sa kinabukasan ninyo, at sa sarili ninyong pagbibigay-kasiyahan. Kailan pa ninyo Ako naisip habang nagsasalita o kumikilos kayo? Sa napakalalamig na araw, bumabaling ang mga pag-iisip ninyo sa mga anak ninyo, sa asawang babae ninyo, o sa mga magulang ninyo. Sa nakapapaltos na mga araw, wala rin Akong lunan sa mga pag-iisip ninyo. Kapag ginagampanan mo ang tungkulin mo, iniisip mo ang mga sarili mong interes, ang sarili mong kaligtasan, ang mga kasapi ng pamilya mo. Ano ba ang nagawa mo na para sa Akin? Kailan mo ba Ako naisip? Kailan mo ba nailaan na ang sarili mo, anuman ang kapalit, para sa Akin at sa gawain Ko? Nasaan ang patunay ng pagiging kaayon mo sa Akin? Nasaan ang realidad ng pagkamatapat mo sa Akin? Nasaan ang realidad ng pagsunod mo sa Akin? Kailan ba na ang mga layunin mo ay hindi naging para alang-alang sa pagkamit mo ng mga biyaya Ko? Niloloko at nililinlang ninyo Ako, pinaglalaruan ninyo ang katotohanan, itinatago ninyo ang pag-iral ng

katotohanan, at ipinagkakanulo ang diwa ng katotohanan. Ano ang naghihintay sa inyo sa hinaharap sa paglaban sa Akin sa ganitong paraan? Naghahangad lamang kayong maging kaayon sa malabong Diyos, at naghahangad lamang ng isang malabong paniniwala, gayon pa man hindi kayo kaayon kay Cristo. Hindi ba ang malubhang kasamaan ninyo ay mag-aanak ng kaparehong ganti na kagaya ng marapat sa mga buktot? Sa oras na iyon, mapagtatanto ninyo na walang sinumang di-kaayon kay Cristo ang makatatakas sa araw ng galit, at matutuklasan ninyo kung anong uring ganti ang papandayin sa yaong mga laban kay Cristo. Sa pagdating ng araw na iyon, ang mga pangarap ninyo ng pagiging pinagpala dahil sa paniniwala ninyo sa Diyos at ang pagkakamit ng pagpasok sa langit ay babasagin lahat. Hindi ito magiging ganoon, gayunman, para sa yaong mga kaayon kay Cristo. Bagaman nawalan sila ng napakarami, bagaman nagdusa sila ng maraming paghihirap, tatatanggapin nila ang lahat ng pamana na iiwan Ko sa sangkatauhan. Sa huli, maiintindihan ninyong Ako lamang mag-isa ang matuwid na Diyos, at na Ako lamang mag-isa ang may kakayahang dalhin ang sangkatauhan sa kanilang magandang hantungan.

mula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Bago nakaugnayan si Cristo, maaaring naniniwala ka na ang iyong disposisyon ay lubos nang nabago, na isa kang tapat na alagad ni Cristo, at wala nang ibang mas karapat-dapat na tumanggap ng mga pagpapala ni Cristo maliban sa iyo—at na, dahil maraming landas ka nang nalakbay, maraming gawain ka nang nagawa, at naghatid ka na ng maraming bunga, siguradong magiging isa ka sa mga tatanggap ng korona sa huli. Subalit may isang katotohanang hindi mo alam: Ang tiwaling disposisyon ng tao at ang kanyang pagkasuwail at paglaban ay nalalantad kapag nakikita niya si Cristo, at ang pagkasuwail at paglaban na nalantad sa sandaling ito ay mas ganap at lubusang nalantad kaysa sa anumang iba pa. Ito ay dahil si Cristo ang Anak ng tao—isang Anak ng tao na nagtataglay ng normal na pagkatao—kaya hindi Siya pinararangalan ni iginagalang ng tao. Ito ay

dahil ang Diyos ay nananahan sa katawang-tao kaya ang pagkasuwail ng tao ay nadadala sa liwanag nang lubusan at sa napakalinaw na detalye. Kaya sinasabi Ko na nahukay ng pagparito ni Cristo ang lahat ng pagkasuwail ng sangkatauhan at nabigyan ng malinaw na kaginhawahan ang likas na pagkatao ng sangkatauhan. Ito ay tinatawag na “pag-akit sa tigre na bumaba ng bundok” at “pag-akit sa lobo na lumabas ng yungib nito.” Nangangahas ka bang ipalagay na masasabi mong tapat ka sa Diyos? Nangangahas ka bang ipalagay na masasabi mong nagpapakita ka ng lubos na pagsunod sa Diyos? Nangangahas ka bang ipalagay na masasabi mong hindi ka suwail? Sasabihin ng ilan: “Kapag inilalagay ako ng Diyos sa isang bagong kapaligiran, palagi akong nagpapasakop nang hindi bubulung-bulong, at bukod pa rito ay hindi ako nakikinig sa mga haka-haka tungkol sa Diyos.” Sasabihin ng ilan: “Anuman ang ipinagagawa sa akin ng Diyos ginagawa ko sa abot ng aking kakayahan at hindi ako kailanman nagpapabaya.” Kung gayon, ito ang tanong Ko sa inyo: Makakaayon ba kayo kay Cristo kapag namumuhay kayong kasama Niya? At gaano katagal kayo magiging kaayon Niya? Isang araw? Dalawang araw? Isang oras? Dalawang oras? Maaaring kapuri-puri nga ang inyong pananampalataya, ngunit hindi kayo gaanong matatag. Kapag talagang namumuhay ka na kasama ni Cristo, ang iyong pagmamagaling at pagpapahalaga sa sarili ay malalantad sa pamamagitan ng iyong mga salita at kilos, nang paunti-unti, at ang iyong labis na mga pagnanasa, iyong masuwaying isipan at kawalan ng kasiyahan ay likas ding mabubunyag. Sa huli, ang iyong kayabangan ay lalo pang titindi, hanggang sa labis mong kalabanin si Cristo na tulad ng paglaban ng tubig sa apoy, at sa gayon ay ganap na malalantad ang iyong likas na pagkatao. Sa pagkakataong iyon, ang iyong mga haka-haka ay hindi na mapagtatakpan, ang iyong mga reklamo ay likas ding lalabas, at ang iyong abang pagkatao ay lubos na malalantad. Magkagayunman, patuloy ka pa ring tumatangging aminin ang sarili mong pagkasuwail, sa halip ay naniniwala ka na ang isang Cristong tulad nito ay hindi madaling tanggapin ng tao, na napakahigpit Niya sa tao, at na lubos kang magpapasakop kung Siya ay

mas mabait na Cristo. Naniniwala kayo na makatarungan ang inyong pagkasuwail, na sumusuway lamang kayo sa Kanya kapag sobra-sobra na ang pamimilit Niya sa inyo. Ni minsan ay hindi ninyo naisip na hindi ninyo itinuturing na Diyos si Cristo, at wala kayong hangaring sundin Siya. Sa halip, ipinagpipilitan mong gumawa si Cristo alinsunod sa sarili mong mga inaasam, at sa sandaling gumawa Siya ng isang bagay na laban sa sarili mong iniisip, naniniwala ka na hindi Siya Diyos kundi isang tao. Hindi ba marami sa inyo ang nakipagtunggali sa Kanya sa ganitong paraan? Sino ba ito, kung tutuusin, na pinaniniwalaan ninyo? At sa anong paraan kayo naghahanap?

Hinango mula sa "Yaong mga Hindi Kaayon ni Cristo ay Tiyak na mga Kalaban ng Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Lagi ninyong inaasam na makita si Cristo, ngunit hinihimok Ko kayo na huwag ninyong masyadong pahalagahan nang husto ang inyong sarili; maaaring makita ng sinuman si Cristo, ngunit sinasabi Ko na walang sinuman ang karapat-dapat na makita si Cristo. Dahil ang likas na pagkatao ng tao ay punung-puno ng kasamaan, kayabangan, at pagkasuwail, sa sandaling makita mo si Cristo, ang iyong likas na pagkatao ay wawasakin at susumpain ka hanggang kamatayan. Ang iyong pakikisama sa isang kapatid na lalaki (o babae) ay maaaring walang gaanong maipakita tungkol sa iyo, ngunit hindi gayon kasimple kapag nakisama ka kay Cristo. Anumang oras, maaaring yumabong ang iyong mga haka-haka, magsimulang umusbong ang iyong kayabangan, at magbunga ng mga igos ang iyong pagkasuwail. Paano ka magiging marapat na makisama kay Cristo kung ganoon ang pagkatao mo? Talaga bang nagagawa mo Siyang tratuhin bilang Diyos sa bawat sandali ng bawat araw? Talaga bang magkakaroon ka ng realidad ng pagpapasakop sa Diyos? Sinasamba ninyo ang matayog na Diyos sa kaibuturan ng inyong puso bilang si Jehova samantalang itinuturing ninyong tao ang Cristong nakikita. Napakaliit ng inyong katinuan at napakababa ng inyong pagkatao! Hindi ninyo kayang ituring palagi si Cristo bilang Diyos;

paminsan-minsan lamang kayo nangungunyapit sa Kanya, kapag gusto ninyo, at sumasamba sa Kanya bilang Diyos. Ito ang dahilan kaya Ko sinasabi na hindi kayo mga mananampalataya ng Diyos, kundi isang barkada ng magkakasabwat na lumalaban kay Cristo. Kahit ang mga taong nagpapakita ng kabaitan sa iba ay sinusuklian, subalit si Cristo, na nakagawa ng gayong gawain sa inyo, ay hindi natanggap ang pagmamahal ng tao ni ang kanyang gantimpala at pagpapasakop. Hindi ba ito nakakadurog ng puso?

Hinango mula sa “Yaong mga Hindi Kaayon ni Cristo ay Tiyak na mga Kalaban ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Maaaring sa lahat ng taon ng pagsampalataya mo sa Diyos, hindi ka pa nakasumpa ng sinuman o nakagawa ng masama kailanman, subalit sa pakikisama mo kay Cristo, hindi mo kayang magsabi ng katotohanan, kumilos nang tapat, o sumunod sa salita ni Cristo; kung gayon, sinasabi Ko na ikaw ang pinakamasama at walang-budhing tao sa mundo. Maaaring napakabait mo at tapat ka sa iyong mga kamag-anak, kaibigan, asawa, anak, at magulang, at hindi ka nagsasamantala sa iba kailanman, ngunit kung hindi mo kayang umayon kay Cristo, kung hindi mo magawang makihalubilo sa Kanya nang maayos, kahit gugulin mo pa ang iyong lahat-lahat sa pagtulong sa iyong mga kapitbahay o sa masusing pag-aalaga sa iyong ama, ina, at mga miyembro ng inyong sambahayan, sasabihin Ko na masama ka pa rin, at bukod dito ay puno ka ng mga tusong panlilinlang. Huwag mong isiping nakaayon ka kay Cristo dahil lamang sa kasundo mo ang iba at gumagawa ka ng ilang mabubuting gawa. Akala mo ba makukuha mo nang may pandaraya ang pagpapala ng Langit dahil sa iyong mapagkawanggawang hangarin? Akala mo ba ang paggawa ng ilang mabubuting gawa ay kapalit ng iyong pagsunod? Walang isa man sa inyo ang nagagawang tumanggap ng pagkikitungo at pagtatabas, at nahihirapan kayong lahat na tanggapin ang normal na pagkatao ni Cristo, sa kabila ng patuloy ninyong pagbabanda ng inyong pagsunod sa Diyos. Ang pananampalatayang tulad ng sa inyo ay magbababa ng isang angkop

na ganti. Tigilan ninyo ang paglulunoy sa kasiya-siyang mga ilusyon at pag-asam na makita si Cristo, sapagkat napakaliit ng inyong katayugan, kaya nga ni hindi kayo karapat-dapat na makita Siya. Kapag ganap ka nang nalinis mula sa iyong pagkasuwail, at kaya mo nang umayon kay Cristo, sa sandaling iyon ay natural na magpapakita ang Diyos sa iyo. Kung makikipagkita ka sa Diyos nang hindi pa sumasailalim sa pagtatabas o paghatol, siguradong magiging kalaban ka ng Diyos at nakatadhana kang wasakin. Ang pagkatao ng tao ay likas na palaban sa Diyos, sapagkat lahat ng tao ay sumailalim na sa pinakamatinding pagtitiwali ni Satanas. Kung susubukan ng tao na makisama sa Diyos sa gitna ng sarili niyang katiwalian, tiyak na walang buti itong maibubunga; ang kanyang mga kilos at salita ay siguradong ilalantad ang kanyang katiwalian sa bawat pagkakataon, at sa pakikisama sa Diyos ang kanyang pagkasuwail ay mabubunyag sa lahat ng aspeto nito. Hindi namamalayan, dumarating ang tao upang kontrahin si Cristo, linlangin si Cristo, at talikuran si Cristo; kapag nangyari ito, mas manganganib ang tao at, kung magpapatuloy ito, mapaparusahan siya.

Hinango mula sa “Yaong mga Hindi Kaayon ni Cristo ay Tiyak na mga Kalaban ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa kasalukuyan, maraming mga katotohanan ang hindi naiintindihan ng tao. Ano ang kahulugan ng hindi naiintindihan ng tao? Nangangahulugan ito na ang sangkatauhan, na tiwali, ay may mga pananaw at opinyon na hindi umaayon sa mga pananaw at opinyon ng nagkatawang-taong Diyos sa maraming paraan; nangangahulugan ito na ang mga prinsipyo at pundasyon kung saan hinaharap ng tao ang maraming bagay ay hindi umaayon sa nagkatawang-taong Diyos. At nasaan ang ugat ng problemang ito? Anong kadahilanan ang nakakaapekto sa relasyon sa pagitan ng Diyos at ng sangkatauhan? Ito ay ang tiwaling disposisyon ng sangkatauhan. Samakatuwid, ang sangkatauhan ay pumapanig pa rin kay Satanas; nabubuhay ang tao na umaasa sa lason ni Satanas, at ang disposisyon at diwa ni Satanas ang

ipinapakita ng mga tao sa paraan ng kanilang pamumuhay. Ang diwa ng Diyos ay katotohanan; hindi ito mababago. Kaya sino ang dapat magbago upang makamtan ang pag-ayon sa Diyos? (Ang sangkatauhan.) Siyempre ang sangkatauhan; hindi ito mapapabulaanan. Kung gayon, paano magbabago ang sangkatauhan? Kailangan nilang humarap sa Diyos at tanggapin ang katotohanan; ang pagtanggap sa katotohanan ang tanging daan patungo sa pagkamit ng pag-ayon sa Diyos sa Kanyang pananaw sa mga bagay-bagay at sa mga prinsipyo kung saan kumikilos Siya. Kapag nagsimula ka na sa daang ito, ang saloobin at paraan kung paano mo nakikita ang mga bagay, ang mga prinsipyo kung saan kumikilos ka, at lahat ng iba pa ay dahan-dahang magsisimulang umayon sa Diyos. Sa paraang ito, ang mga di-pagkakaintindihan sa pagitan mo at ng Diyos ay mas kumakaunti, wala nang magiging mga pagsalungat, at ang iyong mga pagtatangkang isailalim ang Diyos sa pag-aaral ay magiging pakaunti nang pakaunti rin.

Hinango mula sa “Mahalaga na Ayusin Ang Relasyon sa Pagitan ng Tao at Diyos” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sa paghahangad na baguhin ang iyong disposisyon, kailangan mong marating ang isang yugto sa pagkaunawa mo sa iyong sarili kung saan kaya mong matuklasan ang mga satanikong lason na nasa iyong sariling kalikasan. Kailangan mong malaman kung ano ang ibig sabihin ng suwayin ang Diyos, gayundin kung ano ang ibig sabihin ng maghimagsik laban sa Diyos, at kailangan mong matutuhan kung paano kumilos nang naaayon sa katotohanan sa lahat ng bagay. Kailangan mo ring magtamo ng kaunting pagkaunawa sa kalooban ng Diyos at sa mga hinihingi Niya sa sangkatauhan. Kailangan mayroon kang konsiyensya at katwiran sa harap ng Diyos, kailangan ay hindi ka mayabang magsalita o dinadaya ang Diyos, at kailangang hindi ka na gumagawa ng anuman para labanan ang Diyos. Kung magkagayon, nabago mo na ang iyong disposisyon. Yaong ang disposisyon ay nabago na ay nakadarama ng paggalang sa Diyos sa kaibuturan ng kanilang puso, at unti-unting nababawasan ang kanilang

paghihimagsik laban sa Diyos. Bukod dito, sa pagtupad sa kanilang mga tungkulin, hindi na kailangang mag-alala ang iba sa kanila, ni kailangan ng Banal na Espiritu na palagi silang disiplinahin. Talagang kaya nilang magpasakop sa Diyos, at nagtataglay ng katotohanan ang mga pananaw nila sa mga bagay-bagay. Ang ibig sabihin ng lahat ng ito ay naging kaayon na sila ng Diyos.

Hinango mula sa "Sa Pamamagitan Lamang ng Paghahabol sa Katotohanan Nakakamit ng Isang Tao ang Pagbabago sa Disposisyon" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

42. Ang mga Prinsipyo ng Pagpeperpekto ng Diyos sa Tao

(1) Ginagawang perpekto lamang ng Diyos ang mga tunay na nagmamahal at naghahanap sa katotohanan, na may tapat na pusong pagmamahal para sa Diyos. Ang isang taong hindi nagmamahal sa Diyos sa kanilang puso ay hindi kailanman maaaring gawing perpekto;

(2) Ginagawang perpekto ng Diyos ang mga tao sa pamamagitan ng Kanyang makatuwirang disposisyon gaya ng ipinahayag sa pamamagitan ng Kanyang mga salita, at, sa mga ito, naipapakilala sa tao ang kanyang sarili, at dahil dito bumabangon ang tunay na pagsisisi at pagbabago;

(3) Ginagawang perpekto ng Diyos ang mga tao sa pamamagitan ng paghatol at pagkastigo, pagtatabas at pagharap, at sa pamamagitan ng mga pagsubok at pagdadalisay, na inaakay ang tao sa pagkakilala sa Diyos at lumilikha ng pagbabago sa kanyang disposisyon;

(4) Upang malugod ang Diyos, taos-pusong gugulin ang iyong sarili para sa Kanya, gawin ang buo mong makakaya na tuparin ang tungkulin ng isang nilalang, at hanapin ang katotohanan, na kumikilos alinsunod sa mga prinsipyo.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Nais ng Diyos ngayon na matamo ang isang grupo ng mga tao, isang grupong binubuo ng mga nagsisikap na makipagtulungan sa Kanya, na kayang sumunod sa Kanyang gawain, na naniniwala na ang mga salitang

binibigkas ng Diyos ay totoo, at kayang isagawa ang mga kinakailangan ng Diyos; sila yaong may tunay na pang-unawa sa kanilang puso, sila yaong maaaring gawing perpekto, at walang pagsalang magagawa nilang tumahak sa landas ng pagkaperpekto. Yaong mga hindi magagawang perpekto ay mga taong walang malinaw na pagkaunawa sa gawain ng Diyos, na hindi umiinom at kumakain ng mga salita ng Diyos, na hindi pumapansin sa Kanyang mga salita, at walang anumang pagmamahal sa Diyos sa kanilang puso. Yaong mga nagdududa sa Diyos na nagkatawang-tao, laging nag-aalinlangan tungkol sa Kanya, hindi tinatrato nang seryoso ang Kanyang mga salita at lagi Siyang nililinlang ay mga taong lumalaban sa Diyos at nabibilang kay Satanas; walang paraan para gawing perpekto ang gayong mga tao.

Kung nais mong maperpekto, kailangan ka munang paboran ng Diyos, sapagkat pineperpekto Niya yaong mga pinapaboran Niya at kaayon ng Kanyang puso. Kung nais mong maging kaayon ng puso ng Diyos, kailangan mong magkaroon ng pusong sumusunod sa Kanyang gawain, kailangan mong sikaping hanapin ang katotohanan, at kailangan mong tanggapin ang masusing pagsusuri ng Diyos sa lahat ng bagay.

Hinango mula sa “Pineperpekto ng Diyos Yaong mga Kaayon ng Kanyang Puso” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Gumagawa ang Diyos sa yaong mga naghahangad at nagpapahalaga sa Kanyang mga salita. Kapag mas pinahahalagahan mo ang mga salita ng Diyos, mas gagawa sa iyo ang Kanyang Espiritu. Kapag mas pinahahalagahan ng isang tao ang mga salita ng Diyos, mas malaki ang pag-asa nilang maperpekto ng Diyos. Pineperpekto ng Diyos yaong mga tunay na nagmamahal sa Kanya, at pineperpekto Niya yaong mga may puso na payapa sa Kanyang harapan. Ang pahalagahan ang lahat ng gawain ng Diyos, ang pahalagahan ang kaliwanagan ng Diyos, ang pahalagahan ang presensya ng Diyos, ang pahalagahan ang malasakit at pangangalaga ng Diyos, ang pahalagahan kung paano nagiging realidad mo ang mga salita ng Diyos at natutustusan ang iyong buhay—lahat ng ito

ay pinakamainam na naaayon sa puso ng Diyos. Kung pinahahalagahan mo ang gawain ng Diyos, ibig sabihin, kung pinahahalagahan mo ang lahat ng gawaing nagawa ng Diyos sa iyo, pagpapalain ka Niya at pararamihin ang lahat ng sa iyo. Kung hindi mo pahahalagahan ang mga salita ng Diyos, hindi Siya gagawa sa iyo, kundi pagkakalooban ka lamang Niya ng katiting na biyaya para sa iyong pananampalataya, o pagpapalain ka ng kaunting kayamanan at ng kaunting kaligtasan ang iyong pamilya. Dapat mong sikaping gawing iyong realidad ang mga salita ng Diyos, at mabigyan Siya ng kasiyahan at maging kaayon ng Kanyang puso; hindi ka lamang dapat magsikap na tamasahin ang Kanyang biyaya. Wala nang iba pang mas mahalaga para sa mga mananampalataya kaysa matanggap ang gawain ng Diyos, maging perpekto, at maging mga taong sumusunod sa kalooban ng Diyos. Ito ang mithiing dapat mong hangarin.

Hinango mula sa “Pineperpekto ng Diyos Yaong mga Kaayon ng Kanyang Puso” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Opisyal nang sinimulan ng Diyos ngayon ang pagperpekto sa mga tao. Upang maperpekto, kailangang sumailalim ng mga tao sa paghahayag, paghatol, at pagkastigo ng Kanyang mga salita, at kailangan nilang maranasan ang mga pagsubok at pagpipino ng Kanyang mga salita (kagaya ng pagsubok sa mga taga-serbisyo), at kailangan nilang matagalan ang pagsubok ng kamatayan. Ang ibig sabihin nito ay na sa gitna ng paghatol, pagkastigo, at mga pagsubok ng Diyos, ang mga tunay na sumusunod sa kalooban ng Diyos ay nagagawang magpapuri sa Diyos mula sa kaibuturan ng kanilang puso, at lubusang sundin ang Diyos at talikuran ang kanilang mga sarili, samakatuwid ay iniibig ang Diyos nang may pusong taimtim, lubos na nakatuon, at dalisay; gayon ang isang perpektong tao, at ito ang mismong gawain na nilalayong isagawa ng Diyos, at ang gawain na Kanyang isasakatuparan.

Hinango mula sa “Tungkol sa mga Hakbang ng Gawain ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa mga huling araw, pangunahing gumagamit ang Diyos ng salita

upang gawing perpekto ang tao. Hindi Siya gumagamit ng mga tanda at mga kababalaghan upang apihin ang tao, o hikayatin ang tao; hindi nito makakayang gawing malinaw ang kapangyarihan ng Diyos. Kung nagpakita lamang ang Diyos ng mga tanda at mga kababalaghan, kung gayon ay magiging imposible na gawing malinaw ang realidad ng Diyos, at sa gayon ay imposibleng gawing perpekto ang tao. Hindi ginagawang perpekto ng Diyos ang tao sa pamamagitan ng mga tanda at mga kababalaghan, bagkus ay gumagamit ng salita upang diligan at patnubayan ang tao, pagkatapos nito ay ang pagtatamo ng ganap na pagkamasunurin ng tao at pagkakilala ng tao sa Diyos. Ito ang layunin ng gawaing ginagawa Niya at ng mga salitang winiwika Niya. Hindi ginagamit ng Diyos ang paraan ng pagpapakita ng mga tanda at mga kababalaghan upang gawing perpekto ang tao—gumagamit Siya ng mga salita, at gumagamit ng maraming iba't ibang pamamaraan ng gawain upang gawing perpekto ang tao. Maging ito man ay ang pagpipino, pakikitungo, pagtatabas, o pagtutustos ng mga salita, nagsasalita ang Diyos mula sa maraming iba't ibang perspektibo upang gawing perpekto ang tao, at upang bigyan ang tao ng mas malaking kaalaman sa gawain, karunungan at pagiging kamangha-mangha ng Diyos. … Dati Ko nang nasabi na natatamo mula sa Silangan ang isang pangkat ng mga mananagumpay, mga mananagumpay na nagmumula sa gitna ng malaking kapighatian. Ano ang ibig sabihin ng mga salitang ito? Ang ibig sabihin ng mga ito ay ang mga taong ito na natamo na ay tunay lamang na sumunod matapos dumaan sa paghatol at pagkastigo, at pakikitungo at pagtatabas, at lahat ng uri ng pagpipino. Hindi malabo at mahirap unawain, bagkus ay tunay ang paniniwala ng mga ganoong tao. Hindi pa sila nakakakita ng anumang mga tanda at kababalaghan, o anumang mga himala; hindi sila nagsasalita ng malalabong titik at mga doktrina, o malalalim na kabatiran; sa halip, mayroon silang realidad, at mga salita ng Diyos, at isang tunay na kaalaman sa realidad ng Diyos. Ang ganoon bang grupo ay walang higit na kakayahang gawing malinaw ang kapangyarihan ng Diyos?

Hinango mula sa "Ang Lahat ay Nakakamit sa Pamamagitan ng Salita ng Diyos" sa Ang Salita

Sa pamamagitan ng ano isinasakatuparan ang pagperpekto ng Diyos sa tao? Isinasakatuparan ito sa pamamagitan ng Kanyang matuwid na disposisyon. Ang disposisyon ng Diyos higit sa lahat ay binubuo ng katuwiran, poot, kamahalan, paghatol, at sumpa, at ang Kanyang pagperpekto sa tao higit sa lahat ay sa pamamagitan ng paghatol. Hindi ito nauunawaan ng ilang tao, at itinatanong nila kung bakit nagagawa lamang perpekto ng Diyos ang tao sa pamamagitan ng paghatol at sumpa. Sinasabi nila, “Kung isusumpa ng Diyos ang tao, hindi ba mamamatay ang tao? Kung hahatulan ng Diyos ang tao, hindi ba parurusahan ang tao? Kung gayon paano pa siya magagawang perpekto?” Gayon ang mga salita ng mga taong hindi nakakaalam sa gawain ng Diyos. Ang isinusumpa ng Diyos ay ang pagsuway ng tao, at ang Kanyang hinahatulan ay ang mga kasalanan ng tao. Bagama’t mabagsik Siyang magsalita at wala ni katiting na pagkasensitibo, ibinubunyag Niya ang lahat ng nasa kalooban ng tao, ibinubunyag sa pamamagitan ng istriktong mga salitang ito kung ano yaong mahalaga sa kalooban ng tao, ngunit sa pamamagitan ng gayong paghatol, binibigyan Niya ang tao ng isang malalim na kaalaman tungkol sa diwa ng laman, at sa gayon ay nagpapasakop ang tao sa pagsunod sa harap ng Diyos. Ang laman ng tao ay makasalanan at kay Satanas, ito ay suwail, at siyang pakay ng pagkastigo ng Diyos. Sa gayon, upang tulutang makilala ng tao ang sarili niya, kailangan niyang sapitin ang mga salita ng paghatol ng Diyos at kailangang gamitan ito ng bawat uri ng pagpipino; sa gayon lamang magiging epektibo ang gawain ng Diyos.

Maaaring makita mula sa mga salitang sinasabi ng Diyos na isinumpa na Niya ang laman ng tao. Ang mga salita bang ito, kung gayon, ang mga salita ng sumpa? Ibinubunyag ng mga salitang sinasabi ng Diyos ang tunay na kulay ng tao, at sa pamamagitan ng gayong paghahayag ay hinahatulan siya, at kapag nakikita niya na hindi niya napapalugod ang kalooban ng Diyos, nadarama niya sa kanyang kalooban ang kalungkutan at pagsisisi, nadarama niya na napakalaki ng kanyang pagkakautang sa Diyos, at hindi

sapat para sa kalooban ng Diyos. May mga pagkakataon na dinidisiplina ka ng Banal na Espiritu mula sa iyong kalooban, at ang pagdidisiplinang ito ay nagmumula sa paghatol ng Diyos; may mga pagkakataon na sinasaway ka ng Diyos at itinatago ang Kanyang mukha sa iyo, kapag hindi ka Niya pinakikinggan at hindi ka ginagawaan, tahimik kang kinakastigo upang pinuhin ka. Ang gawain ng Diyos sa tao higit sa lahat ay para linawin ang Kanyang matuwid na disposisyon. Anong patotoo ang ibinibigay ng tao sa Diyos sa bandang huli? Nagpapatotoo ang tao na ang Diyos ang Diyos na matuwid, na ang Kanyang disposisyon ay katuwiran, poot, pagkastigo, at paghatol; nagpapatotoo ang tao sa matuwid na disposisyon ng Diyos. Ginagamit ng Diyos ang Kanyang paghatol upang ang tao ay gawing perpekto, mahal na Niya ang tao, at iniligtas ang tao—ngunit gaano karami ang nakapaloob sa Kanyang pag-ibig? Mayroong paghatol, kamahalan, poot, at sumpa. Bagama't isinumpa ng Diyos ang tao noong araw, hindi Niya ganap na itinapon ang tao sa walang-hanggang kalaliman, kundi ginamit ang kaparaanang iyon upang pinuhin ang pananampalataya ng tao; hindi Niya pinatay ang tao, kundi kumilos Siya upang gawing perpekto ang tao. Ang diwa ng laman ay yaong kay Satanas—tamang-tama ang pagkasabi rito ng Diyos—ngunit ang mga katotohanang isinasagawa ng Diyos ay hindi natatapos ayon sa Kanyang mga salita. Isinusumpa ka Niya upang mahalin mo Siya, at upang maunawaan mo ang diwa ng laman; kinakastigo ka Niya upang ikaw ay magising, upang tulutan kang malaman ang mga kakulangan sa iyong kalooban, at upang malaman ang lubos na kawalang-halaga ng tao. Sa gayon, ang mga sumpa ng Diyos, ang Kanyang paghatol, at ang Kanyang kamahalan at poot—lahat ng ito ay upang gawing perpekto ang tao. Lahat ng ginagawa ng Diyos sa ngayon, at ang matuwid na disposisyon na nililinaw Niya sa inyong kalooban—lahat ng ito ay upang gawing perpekto ang tao. Gayon ang pag-ibig ng Diyos.

Hinango mula sa "Sa Pagdanas Lamang ng Masasakit na Pagsubok Mo Malalaman ang Pagiging Kaibig-ibig ng Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Habang lalong tumitindi ang pagpipino ng Diyos, lalong mas

nagagawa ng mga puso ng mga tao na ibigin ang Diyos. Ang pagdurusa sa kanilang mga puso ay kapaki-pakinabang sa kanilang mga buhay, lalo nilang nagagawang maging panatag sa harap ng Diyos, ang kanilang relasyon sa Diyos ay mas malapit, at mas mahusay nilang nagagawang makita ang kataas-taasang pag-ibig ng Diyos at ang Kanyang kataas-taasang pagliligtas. Si Pedro ay dumanas ng pagpipino nang daan-daang beses, at si Job ay sumailalim sa maraming pagsubok. Kung nais ninyong magawang perpekto ng Diyos, dapat din kayong sumailalim sa pagpipino nang daan-daang beses; magagawa lamang ninyo na mapalugod ang kalooban ng Diyos at magawang perpekto ng Diyos kung pagdadaanan ninyo ang prosesong ito at umasa sa hakbang na ito. Ang pagpipino ang pinakamahusay na paraan kung saan ginagawang perpekto ng Diyos ang mga tao; ang pagpipino at mapapait na pagsubok lamang ang makapagpapalabas ng tunay na pag-ibig para sa Diyos sa mga puso ng mga tao. Kung walang paghihirap, walang tunay na pag-ibig ang mga tao sa Diyos; kung hindi sila susubukin sa loob, kung hindi sila tunay na isasailalim sa pagpipino, ang kanilang mga puso ay palaging lumulutang-lutang sa labas. Sa pagkapino hanggang sa isang partikular na punto, makikita mo ang iyong sariling mga kahinaan at mga paghihirap, makikita mo kung gaano karami ang kulang sa iyo at na hindi mo kayang mapagtagumpayan ang maraming mga suliranin na iyong kinakaharap, at makikita mo kung gaano katindi ang iyong pagkamasuwayin. Sa panahon lamang ng mga pagsubok nagagawa ng mga tao na tunay na makilala ang kanilang totoong mga kalagayan; ginagawa ng mga pagsubok na mas magagawang perpekto ang mga tao .

Hinango mula sa “Sa Pamamagitan Lamang ng Pagdanas ng Pagpipino Maaaring Magtaglay ang Tao ng Tunay na Pag-ibig” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung maraming bagay ang sumasapit sa iyo na hindi nakaayon sa iyong mga pagkaintindi ngunit nagagawa mong isantabi ang mga iyon at magtamo ng kaalaman tungkol sa mga kilos ng Diyos mula sa mga bagay na ito, at kung sa gitna ng mga pagpipino ay ipinapakita mo ang iyong

pusong nagmamahal sa Diyos, ito ay pagtayong saksi. Kung mapayapa ang iyong tahanan, natatamasa mo ang mga kaginhawahan ng laman, walang umuusig sa iyo, at sinusunod ka ng iyong mga kapatid sa iglesia, maipapakita mo ba ang iyong pusong nagmamahal sa Diyos? Mapipino ka ba ng sitwasyong ito? Makikita ang iyong pagmamahal sa Diyos sa pamamagitan lamang ng pagpipino, at magagawa kang perpekto sa pamamagitan lamang ng mga bagay na nangyayari na hindi nakaayon sa iyong mga pagkaintindi. Sa pamamagitan ng maraming salungat at negatibong bagay, at paggamit ng lahat ng uri ng pagpapakita ni Satanas—mga kilos nito, mga paratang, mga paggambala at panlilinlang—malinaw na ipinapakita ng Diyos sa iyo ang nakakatakot na mukha ni Satanas, at sa gayo'y ginagawang perpekto ang iyong kakayahang makilala si Satanas, upang kamuhian mo si Satanas at talikuran ito.

Hinango mula sa "Yaong mga Gagawing Perpekto ay Kailangang Sumailalim sa Pagpipino" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang Banal na Espiritu ay may isang landas na tatahakin sa bawat tao, at binibigyan ang bawat tao ng pagkakataon na maperpekto. Sa iyong pagiging negatibo naipapaalam sa iyo ang sarili mong katiwalian, at sa pag-aalis ng pagiging negatibo ay makasusumpong ka ng landas ng pagsasagawa; lahat ito ay paraan kung saan ginagawa kang perpekto. Bukod diyan, sa patuloy na paggabay at pagpapalinaw ng ilang positibong bagay sa iyong kalooban, aktibo mong gagampanan ang iyong tungkulin, lalago sa kabatiran at makakahiwatig. Kapag maganda ang iyong mga kalagayan, mas handa kang basahin ang salita ng Diyos, at mas handa kang manalangin sa Diyos, at maiuugnay mo ang mga sermon na iyong naririnig sa iyong sariling sitwasyon. Sa gayong mga pagkakataon nililiwanagan at pinaliliwanagan ng Diyos ang iyong kalooban, kaya natatanto mo ang ilang positibong aspeto. Ganito ka pineperpekto sa positibong aspeto. Sa mga negatibong kalagayan, ikaw ay mahina at walang kibo; pakiramdam mo ay wala ang Diyos sa puso mo, subalit pinaliliwanagan ka ng Diyos, tinutulungan kang makahanap ng isang

landas ng pagsasagawa. Lalabas dito ang pagtatamo ng pagkaperpekto sa negatibong aspeto. Mapeperpekto ng Diyos ang tao kapwa sa positibo at negatibong mga aspeto. Nakasalalay ito sa kung nagagawa mong makaranas, at kung hinahangad mong maperpekto ng Diyos. Kung tunay mong hinahangad na maperpekto ng Diyos, ang negatibo ay hindi ka magagawang dumanas ng kawalan, kundi maaaring maghatid sa iyo ng mga bagay na mas totoo, at magawa kang mas alam yaong wala sa iyong kalooban, mas nakauunawa sa iyong tunay na kalagayan, at nakikita na walang kahit ano ang tao, at balewala siya; kung hindi ka dumaranas ng mga pagsubok, hindi mo alam, at palagi mong madarama na nakahihigit ka sa iba at mas mahusay ka kaysa sa lahat ng iba pa. Sa lahat ng ito makikita mo na lahat ng dumating noon ay ginawa ng Diyos at protektado ng Diyos. Ang pagpasok sa mga pagsubok ay iniiwan kang walang pagmamahal o pananampalataya, kulang ka sa panalangin at hindi mo nagagawang umawit ng mga himno, at hindi mo namamalayan, sa gitna nito ay nakikilala mo ang iyong sarili. Maraming paraan ang Diyos para maperpekto ang tao. Ginagamit Niya ang lahat ng uri ng sitwasyon para pakitunguhan ang tiwaling disposisyon ng tao, at gumagamit ng iba't ibang bagay upang ilantad ang tao; sa isang bagay, pinakikitunguhan Niya ang tao, sa isa pa ay inilalantad Niya ang tao, at sa isa pa ay ibinubunyag Niya ang tao, hinuhukay at ibinubunyag ang "mga hiwaga" sa kaibuturan ng puso ng tao, at ipinakikita sa tao ang kanyang kalikasan sa pamamagitan ng paghahayag sa marami sa kanyang mga kalagayan. Pineperpekto ng Diyos ang tao sa pamamagitan ng maraming pamamaraan—sa pamamagitan ng paghahayag, pakikitungo, pagpipino, at pagkastigo sa tao—para malaman ng tao na ang Diyos ay praktikal.

Hinango mula sa "Yaon Lamang mga Nakatuon sa Pagsasagawa ang Mapeperpekto" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Mayroong isang patakaran sa pagperpekto ng Diyos sa mga tao, na kung saan nililiwanagan ka Niya sa pamamagitan ng paggamit ng isang kaibig-ibig na bahagi mo upang magkaroon ka ng landas ng pagsasagawa

at maihiwalay mo ang sarili mo mula sa lahat ng negatibong kalagayan, na tumutulong mapalaya ang iyong espiritu, at ginagawa kang mas kayang mahalin Siya. Sa ganitong paraan, nagagawa mong iwaksi ang tiwaling disposisyon ni Satanas. Hindi ka maarte at bukas ka, handang kilalanin ang sarili mo at isagawa ang katotohanan. Tiyak na pagpapalain ka ng Diyos, kaya kapag ikaw ay mahina at negatibo, nililiwanagan ka Niya nang doble, tinutulungan kang mas makilala ang sarili mo, maging mas handang magsisi para sa sarili mo, at mas maisagawa ang mga bagay na dapat mong isagawa. Sa ganitong paraan lamang magiging payapa at maginhawa ang iyong puso. Ang isang taong karaniwang nakatuon sa pagkilala sa Diyos, na nakatuon sa pagkilala sa kanyang sarili, na nakatuon sa kanyang sariling pagsasagawa, ay madalas na makatatanggap ng gawain ng Diyos, maging ng Kanyang patnubay at kaliwanagan. Kahit negatibo ang kalagayan ng taong iyon, nagagawa niyang baguhin kaagad ang mga bagay-bagay, tulak man iyon ng budhi o ng kaliwanagan mula sa salita ng Diyos. Ang pagbabago sa disposisyon ng isang tao ay palaging natatamo kapag nalalaman niya ang kanyang sariling tunay na kalagayan at ang disposisyon at gawain ng Diyos. Ang isang taong handang kilalanin ang kanyang sarili at maging bukas ay makakayang isagawa ang katotohanan. Ang ganitong klaseng tao ay isang taong matapat sa Diyos, at ang isang taong matapat sa Diyos ay may pagkaunawa tungkol sa Diyos, malalim man o mababaw ang pagkaunawang ito, kakaunti o sagana. Ito ang katuwiran ng Diyos, at isang bagay ito na natatamo ng mga tao; sarili nilang pakinabang ito. Ang isang taong may kaalaman tungkol sa Diyos ay isa na may batayan, may pananaw. Ang ganitong klaseng tao ay nakatitiyak tungkol sa katawang-tao ng Diyos, at nakatitiyak tungkol sa salita at gawain ng Diyos. Paano man gumagawa o nagsasalita ang Diyos, o paano man nagsasanhi ng kaguluhan ang ibang mga tao, kaya niyang manindigan, at tumayong saksi para sa Diyos. Kapag lalong ganito ang isang tao, lalo niyang maisasagawa ang katotohanang kanyang nauunawaan. Dahil lagi niyang isinasagawa ang salita ng Diyos, lalo niyang nauunawaan ang Diyos, at

matatag ang kanyang pasya na tumayong saksi para sa Diyos magpakailanman.

Hinango mula sa “Yaon Lamang mga Nakatuon sa Pagsasagawa ang Mapeperpekto” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Hinahangad ng Diyos na gamitin ang isang bahagi ng gawain ng masasamang espiritu upang perpektuhin ang isang bahagi ng sangkatauhan, binibigyang-kakayahan ang mga taong ito na lubusang makita ang mga kasamaan ng demonyo, upang ang buong sangkatauhan ay maaaring tunay na makilala ang kanilang mga ninuno. Tanging sa ganitong paraan ganap na makakalaya ang mga tao, na hindi lamang tinatalikdan ang pamana ng mga diyablo, kundi pati ang mga ninuno ng mga diyablo. Ito ang tunay na hangarin ng Diyos sa ganap na paggapi ng malaking pulang dragon, upang makilala ng buong sangkatauhan ang tunay na anyo ng malaking pulang dragon, upang lubusang mapunit ang maskara nito at makita ang tunay nitong anyo. Ito ang ninanais ng Diyos na makamit, ito ang huling layunin ng lahat ng gawain Niya sa lupa, at ito ang hinahangad Niyang maisakatuparan sa buong sangkatauhan. Ito ay tinatawag na pagpapakilos sa lahat ng bagay para mapagsilbihan ang layunin ng Diyos.

Hinango mula sa “Kabanata 41” ng Mga Pakahulugan sa mga Hiwaga ng mga Salita ng Diyos sa Buong Sansinukob sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa yugto ng pagpeperpekto ng Diyos sa sangkatauhan, imposibleng patuloy na lumaki ang bilang ng mga tao—liliit lamang ito. Sa pamamagitan lamang ng mga pagpipinong ito magagawang perpekto ang mga tao. Ang pakikitungo, pagdidisiplina, pagsubok, pagkastigo, pagsumpa—kaya mo bang tiisin ang lahat ng ito? Kapag nakakakita ka ng isang iglesia na partikular na maganda ang sitwasyon, kung saan lahat ng kapatid ay naghahangad nang may matinding sigla, ikaw mismo ay nahihikayat. Kapag dumating ang araw na nakaalis na silang lahat, ang ilan sa kanila ay hindi na naniniwala, ang ilan ay umalis na upang magnegosyo o mag-asawa, at ang ilan ay umanib na sa relihiyon; magagawa mo bang

manindigan sa panahong iyon? Magagawa mo bang panatilihing hindi naaapektuhan ang iyong kalooban? Ang pagpeperpekto ng Diyos sa sangkatauhan ay hindi isang napakasimpleng bagay! Siya ay gumagamit ng maraming bagay upang pinuhin ang mga tao. Ang tingin ng mga tao rito ay mga pamamaraan, ngunit sa orihinal na layunin ng Diyos ay ni hindi man lang mga pamamaraan ang mga ito, kundi mga katotohanan. Sa huli, kapag napino na Niya ang mga tao kahit paano at wala na silang anumang mga reklamo, ang yugtong ito ng Kanyang gawain ay makukumpleto. Ang dakilang gawain ng Banal na Espiritu ay ang gawin kang perpekto, at kapag hindi Siya gumagawa at ikinukubli ang Kanyang Sarili, iyon ay higit na para sa layunin ng pagpeperpekto sa iyo, at sa ganitong partikular na paraan makikita kung may pagmamahal ang mga tao sa Diyos, kung may tunay na tiwala sila sa Kanya. Kapag ang Diyos ay nagsasalita nang malinaw, hindi mo na kailangang maghanap; kapag nakakubli Siya, saka mo lamang kailangang maghanap at mangapa. Dapat mong magawang gampanan ang tungkulin ng isang nilalang, at anuman ang kahinatnan mo sa hinaharap at ang iyong hantungan, dapat mong magawang maghangad ng kaalaman at pagmamahal sa Diyos sa mga taon ng iyong buhay, at paano ka man tratuhin ng Diyos, dapat mong magawang iwasan na magreklamo. May isang kondisyon para gumawa ang Banal na Espiritu sa kalooban ng mga tao. Kailangan nilang mauhaw at maghangad at hindi mawalan ng sigla o magduda tungkol sa mga kilos ng Diyos, at kailangan nilang magawang panindigan ang kanilang tungkulin sa lahat ng oras; sa ganitong paraan lamang nila makakamit ang gawain ng Banal na Espiritu. Sa bawat hakbang ng gawain ng Diyos, ang kinakailangan sa sangkatauhan ay malaking tiwala at pagharap sa Diyos upang maghangad—sa pamamagitan lamang ng karanasan matutuklasan ng mga tao kung gaano kaibig-ibig ang Diyos at kung paano gumagawa ang Banal na Espiritu sa mga tao. Kung hindi ka daranas, kung hindi ka mangangapa, kung hindi ka maghahangad, wala kang mapapala. Kailangan mong mangapa sa pamamagitan ng iyong mga karanasan, at sa pamamagitan lamang ng iyong mga karanasan mo makikita ang mga kilos ng Diyos at

makikilala ang Kanyang pagiging kamangha-mangha at mahiwaga.

Hinango mula sa “Dapat Mong Panatilihin ang Iyong Katapatan sa Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Lahat niyaong nagnanais na magawang perpekto at tapat sa Diyos, lahat niyaong sumusunod, at lahat niyaong tumutupad nang tapat sa kanilang tungkulin—lahat ng gayong mga tao ay magagawang perpekto. Ngayon, lahat niyaong hindi gumaganap nang tapat sa kanilang tungkulin, lahat niyaong hindi tapat sa Diyos, lahat niyaong hindi nagpapasakop sa Diyos, lalo na yaong mga nakakatanggap ng kaliwanagan at pagpapalinaw ng Banal na Espiritu ngunit hindi naman isinasagawa ito—ang lahat ng gayong mga tao ay hindi nakakayang magawang perpekto. Lahat niyaong nagnanais na maging tapat at sumunod sa Diyos ay magagawang perpekto, kahit sila ay ignorante nang bahagya; lahat niyaong nagnanais na maghabol ay magagawang sakdal. Hindi na kailangang mag-alala tungkol dito. Hangga’t nagnanais kang magpatuloy sa direksiyon na ito, magagawa kang perpekto. Ayaw Kong pabayaan o alisin ang sinuman sa inyo, ngunit kung hindi nagsusumikap ang tao nang mabuti, kung gayon ay sinisira mo lamang ang iyong sarili; hindi Ako ang nag-aalis sa iyo, kundi ikaw mismo. Kung ikaw mismo ay hindi nagsusumikap nang mabuti—kung ikaw ay tamad, o hindi gumaganap ng iyong tungkulin, o hindi ka tapat, o hindi mo hinahabol ang katotohanan at palaging ginagawa ang anumang iyong maibigan, kung kumikilos ka nang walang-ingat, ipinaglalaban ang sarili mong kasikatan at yaman, at walang prinsipyo sa iyong pakikitungo sa ibang kasarian, kung gayon dadalhin mo ang pasanin ng sarili mong mga kasalanan; hindi ka karapat-dapat kahabagan ninuman. Ang Aking layunin ay para lahat kayo ay magawang perpekto, at kahit malupig man lamang, nang upang ang yugtong ito ng gawain ay maaaring matagumpay na makumpleto. Ang inaasam ng Diyos ay para ang bawat tao ay magawang perpekto, sa kahuli-hulihan ay matamo Niya, lubos Niyang malinis, at maging mga tao na Kanyang minamahal. Hindi mahalaga kung sinasabi Ko mang kayo ay paurong o mahina ang kakayahan—ito ay tunay

lahat. Ang pagsasabi Ko nito ay hindi nagpapatunay na binabalak Kong pabayaan ka, na nawalan na Ako ng pag-asa sa inyo, lalong hindi na ayaw Kong iligtas kayo. Naparito Ako ngayon upang gawin ang gawain ng pagliligtas sa inyo, na ang ibig sabihin ay ang gawain na Aking ginagawa ay isang pagpapatuloy ng gawain ng pagliligtas. Ang bawat tao ay may pagkakataon upang magawang perpekto: Basta't ikaw ay handa, basta't patuloy kang magsisikap, sa huli ay magagawa mong makamit ang resultang ito, at walang sinuman sa inyo ang mapapabayaan. Kung mahina ang iyong kakayahan, ang Aking mga kakailanganin sa iyo ay alinsunod sa iyong mahinang kakayahan; kung magaling ang iyong kakayahan, ang Aking mga kakailanganin sa iyo ay alinsunod sa iyong magaling na kakayahan; kung ikaw ay ignorante at mangmang, ang Aking mga kakailanganin sa iyo ay alinsunod sa iyong kamangmangan; kung ikaw ay may pinag-aralan, ang Aking mga kakailanganin sa iyo ay alinsunod sa antas ng iyong pinag-aralan; kung ikaw ay nakatatanda, ang Aking mga kakailanganin sa iyo ay alinsunod sa iyong katandaan; kung ikaw ay may kakayahang magbigay ng kagandahang-loob, ang Aking mga hihingin sa iyo ay magiging alinsunod sa kakayahang ito; kung sinasabi mong hindi ka makapagbibigay ng kagandahang-loob, at magagampanan mo lamang ang isang partikular na tungkulin, maging ito man ay pagpapalaganap ng ebanghelyo, o pag-aalaga sa iglesia, o pagdalo sa iba't ibang mga pangkalahatang ugnayan, ang Aking pagpeperpekto sa iyo ay magiging alinsunod sa tungkulin na iyong ginagampanan. Ang pagiging tapat, ang pagsunod hanggang sa katapus-tapusan, at ang paghahangad na magkaroon ng pinakadakilang pag-ibig sa Diyos—ito ang kailangan mong tuparin, at wala nang iba pang mas magandang mga pagsasagawa kaysa sa tatlong bagay na ito. Sa kahuli-hulihan, kinakailangang makamit ng tao ang tatlong bagay na ito, at kung makakamit niya ang mga iyon, sa gayon ay gagawin siyang perpekto. Ngunit, sa ibabaw ng lahat, dapat kang talagang maghabol, dapat kang aktibong magpatuloy nang pasulong at pataas, at huwag maging walang-kibo sa bagay na iyan. Nasabi Ko na ang bawat tao ay may pagkakataong magawang perpekto at may kakayahang

magawang perpekto, at ito ay totoo, ngunit hindi mo sinusubukang maging mas mahusay sa iyong paghahangad. Kung hindi mo nakakamit ang tatlong batayang ito, kung gayon sa katapusan, dapat kang maalis. Nais Ko na ang lahat ay makahabol, nais Ko na ang lahat ay magkaroon ng gawain at ng kaliwanagan ng Banal na Espiritu, at magawang sumunod hanggang sa katapus-tapusan, sapagkat ito ang tungkulin na dapat gampanan ng bawat isa sa inyo. Kapag nagagampanan na ninyong lahat ang inyong tungkulin, lahat kayo ay magagawang perpekto, magkakaroon din kayo ng matunog na patotoo. Ang lahat niyaong mayroong patotoo ay yaong mga nagiging matagumpay laban kay Satanas at natatamo ang pangako ng Diyos, at sila ay siyang mga mananatili upang manirahan sa kamangha-manghang hantungan.

Hinango mula sa “Pagpapanumbalik ng Normal na Buhay ng Tao at Pagdadala sa Kanya sa Isang Kamangha-manghang Hantungan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Yaong mga balak gawing perpekto ng Diyos ay makatatanggap lahat ng mga pagpapala Niya at ng pamana Niya. Iyon ay, isasaloob nila kung anong mayroon at kung ano ang Diyos upang ito ay maging kung ano ang nasa kalooban nila; pinanday sa loob nila ang lahat ng salita ng Diyos; anuman ang Diyos, nagagawa ninyong tanggapin ang lahat ng ito nang eksakto, at sa gayon ay naisasabuhay ang katotohanan. Ito ang uri ng taong ginagawang perpekto ng Diyos at nakakamit ng Diyos. Ang ganitong tao lamang ang may karapatang tumanggap ng mga pagpapalang ipinagkakaloob ng Diyos:

1. Pagkakamit ng kabuuan ng pagmamahal ng Diyos.

2. Pagkilos alinsunod sa kalooban ng Diyos sa lahat ng bagay.

3. Pagkakamit ng gabay ng Diyos, pamumuhay sa liwanag ng Diyos, at pagkakamit ng kaliwanagan ng Diyos.

4. Pagsasabuhay sa lupa ng larawang mahal ng Diyos; pagmamahal nang tunay sa Diyos gaya ng ginawa ni Pedro, na ipinako sa krus para sa Diyos at karapat-dapat na mamatay bilang kabayaran sa pagmamahal ng Diyos; pagkakaroon ng kaparehong kaluwalhatian gaya ni Pedro.

5. Pagiging minamahal, iginagalang, at hinahangaan ng lahat ng tao sa lupa.

6. Pananaig sa lahat ng aspeto ng pagkagapos sa kamatayan at Hades, hindi pagbibigay ng pagkakataong gawin ni Satanas ang gawain nito, pagiging naangkin ng Diyos, pamumuhay sa loob ng isang sariwa at masiglang espiritu, at hindi pagsasawa.

7. Pagkakaroon ng di-mailarawang pagkaramdam ng tuwa at kasabikan sa lahat ng oras sa buong buhay, na para bang napagmasdan ang pagdating ng araw ng kaluwalhatian ng Diyos.

8. Pagwawagi ng kaluwalhatian kasama ng Diyos at pagkakaroon ng isang anyong kahawig ng mga banal na minamahal ng Diyos.

9. Pagiging yaong minamahal ng Diyos sa lupa, iyon ay, isang sinisintang anak na lalaki ng Diyos.

10. Pagbabagong-anyo at pag-akyat sa ikatlong langit kasama ang Diyos at paglampas sa laman.

Hinango mula sa “Ang mga Pangako sa Yaong mga Nagawang Perpekto” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

43. Ang mga Prinsipyo ng Paghahangad na Gawing Perpekto

(1) Kinakailangang ilagak ng isang tao ang kanyang puso sa Diyos, lubusang iukol ang sarili sa Diyos at gugulin ang sarili para sa Kanya, basahin nang taimtim ang Kanyang mga salita, at makipagniig sa Kanya sa pamamagitan ng Kanyang mga salita;

(2) Taos-pusong gugulin ang iyong sarili para sa Diyos, sa pagtupad ng iyong tungkulin, hanapin ang katotohanan upang ayusin ang iyong tiwaling disposisyon. Makipagtulungan sa iba nang matiwasay, at tuparin ang iyong tungkulin nang kalugod-lugod;

(3) Tanggapin mong hinahatulan, kinakastigo, tinatabas, at hinaharap ka ng mga salita ng Diyos, at ganap nang tapusin ang mga kasinungalingan, panloloko, at walang-malasakit, padaskul-daskol na paggawa. Maging isang matapat na tao;

(4) Sa bawat uri ng pagsubok, hanapin ang katotohanan, ituwid ang mga kuro-kuro at katiwalian, matutuhang magpakita ng pagsaalang-alang para sa kalooban ng Diyos, at tunay na magpasakop sa Diyos.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Sa pamamagitan ng ano isinasakatuparan ang pagperpekto ng Diyos sa tao? Isinasakatuparan ito sa pamamagitan ng Kanyang matuwid na disposisyon. Ang disposisyon ng Diyos higit sa lahat ay binubuo ng katuwiran, poot, kamahalan, paghatol, at sumpa, at ang Kanyang pagperpekto sa tao higit sa lahat ay sa pamamagitan ng paghatol. Hindi ito nauunawaan ng ilang tao, at itinatanong nila kung bakit nagagawa lamang perpekto ng Diyos ang tao sa pamamagitan ng paghatol at sumpa. Sinasabi nila, “Kung isusumpa ng Diyos ang tao, hindi ba mamamatay ang tao? Kung hahatulan ng Diyos ang tao, hindi ba parurusahan ang tao? Kung gayon paano pa siya magagawang perpekto?” Gayon ang mga salita ng mga taong hindi nakakaalam sa gawain ng Diyos. Ang isinusumpa ng Diyos ay ang pagsuway ng tao, at ang Kanyang hinahatulan ay ang mga kasalanan ng tao. Bagama’t mabagsik Siyang magsalita at wala ni katiting na pagkasensitibo, ibinubunyag Niya ang lahat ng nasa kalooban ng tao, ibinubunyag sa pamamagitan ng istriktong mga salitang ito kung ano yaong mahalaga sa kalooban ng tao, ngunit sa pamamagitan ng gayong paghatol, binibigyan Niya ang tao ng isang malalim na kaalaman tungkol sa diwa ng laman, at sa gayon ay nagpapasakop ang tao sa pagsunod sa harap ng Diyos. Ang laman ng tao ay makasalanan at kay Satanas, ito ay suwail, at siyang pakay ng pagkastigo ng Diyos. Sa gayon, upang tulutang makilala ng tao ang sarili niya, kailangan niyang sapitin ang mga salita ng paghatol ng Diyos at kailangang gamitan ito ng bawat uri ng pagpipino; sa gayon lamang magiging epektibo ang gawain ng Diyos.

Hinango mula sa “Sa Pagdanas Lamang ng Masasakit na Pagsubok Mo Malalaman ang Pagiging Kaibig-ibig ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Upang hangaring maperpekto ng Diyos, kailangan munang maunawaan ng isang tao kung ano ang ibig sabihin ng maperpekto Niya,

gayundin kung anong mga kundisyon ang kailangan niyang tugunan upang maperpekto. Kapag nauunawaan na niya ang gayong mga bagay, kailangan niyang maghanap ng isang landas ng pagsasagawa. Upang maperpekto, kailangan siyang magkaroon ng isang katangian. Maraming tao ang hindi likas na may sapat na katangian, sa ganoong kaso kailangan mong magbayad ng halaga at magsikap nang husto. Kapag mas masahol ang iyong katangian, mas kailangan mong magsikap nang husto. Kapag mas nauunawaan mo ang mga salita ng Diyos at mas isinasagawa mo ang mga iyon, mas mabilis kang makakatahak sa landas ng pagiging perpekto. Sa pamamagitan ng pagdarasal, maaari ka ring maperpekto patungkol sa pagdarasal; maaari ka ring maperpekto sa pamamagitan ng pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, pag-unawa sa diwa ng mga ito, at pagsasabuhay ng realidad ng mga ito. Sa pagdanas ng mga salita ng Diyos araw-araw, dapat mong malaman kung ano ang kulang sa iyo; bukod pa riyan, dapat mong makilala ang iyong depekto na ikapapamahak mo at ang iyong mga kahinaan, at manalangin at magsumamo sa Diyos. Sa paggawa nito, unti-unti kang mapeperpekto. Ang landas tungo sa pagiging perpekto ay: pagdarasal; pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos; pag-unawa sa diwa ng mga salita ng Diyos; pagpasok sa karanasan ng mga salita ng Diyos; pag-alam kung ano ang kulang sa iyo; pagpapasakop sa gawain ng Diyos; pagsasaisip sa pasanin ng Diyos at pagtalikod sa tawag ng laman sa pamamagitan ng iyong pagmamahal sa Diyos; at pagsali sa malimit na pakikibahagi sa iyong mga kapatid, na maaaring magpayaman sa iyong mga karanasan. Buhay mo man ito sa komunidad o iyong personal na buhay, at malalaking pulong man ito o maliliit, lahat ay maaaring magtulot sa iyo na magkaroon ng karanasan at tumanggap ng pagsasanay upang ang puso mo ay matahimik sa harap ng Diyos at makabalik sa Kanya. Lahat ng ito ay bahagi ng proseso ng pagpeperpekto. Ang pagdaranas ng mga salita ng Diyos, gaya ng binanggit kanina, ay nangangahulugan ng tunay na pagtikim sa mga ito at pagtutulot sa sarili mo na isabuhay ang mga ito, upang magkaroon ka ng mas matinding pananampalataya at pagmamahal sa Diyos. Sa ganitong paraan, unti-unti

mong maiwawaksi ang iyong tiwali at napakasamang disposisyon; mapapalaya ang sarili mo sa di-wastong mga motibo; at maisasabuhay ang wangis ng isang normal na tao. Kapag mas matindi ang pagmamahal mo sa Diyos sa iyong kalooban—ibig sabihin, mas malaking bahagi mo ang naperpekto ng Diyos—mas hindi ka malulukuban ng katiwalian ni Satanas. Sa pamamagitan ng iyong mga praktikal na karanasan, unti-unti kang makakatahak sa landas ng pagiging perpekto. Sa gayon, kung nais mong maperpekto, napakahalagang isaisip ang kalooban ng Diyos at maranasan ang Kanyang mga salita.

Hinango mula sa “Isaisip ang Kalooban ng Diyos para Makamit ang Pagiging Perpekto” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Tunay bang handa kang gawing perpekto? Kung talagang handa kang gawing perpekto ng Diyos, magkakaroon ka ng tapang na isaisantabi ang laman mo, at magagawa mong isakatuparan ang mga salita ng Diyos, at hindi ka magiging balintiyak o mahina. Magagawa mong sundin ang lahat ng nagmumula sa Diyos, at ang lahat ng mga kilos mo, kung ginagawa man nang hayag o sa pansarili, ay maihaharap sa Diyos. Kung isa kang tapat na tao, at isinasagawa ang katotohanan sa lahat ng mga bagay, magiging perpekto ka. Yaong mga mapanlinlang na mga taong kumikilos sa isang paraan sa harap ng iba at sa ibang paraan sa likuran nila ay hindi handang gawing perpekto. Lahat sila ay mga lalaking anak ng walang hanggang kapahamakan at pagkawasak; kabilang sila hindi sa Diyos kundi kay Satanas. Hindi sila ang uri ng mga taong pinili ng Diyos! Kung ang mga kilos at pag-uugali mo ay hindi maihaharap sa Diyos o matitingnan ng Espiritu ng Diyos, patunay itong mayroong mali sa iyo. Kung tinatanggap mo ang paghatol at pagkastigo ng Diyos, at pinapahalagahan ang pagbabago ng disposisyon mo, ay doon mo lamang magagawang tumapak sa landas ng pagiging perpekto. Kung tunay kang handang gawing perpekto ng Diyos at gawin ang kalooban ng Diyos, dapat mong sundin ang lahat ng gawain ng Diyos, nang walang kahit isang salita ng pagdaing, nang hindi nangangahas na suriin o hatulan ang gawain ng Diyos. Ito ang

pinakamababababang mga pangangailangan para magawang perpekto ng Diyos. Ang kinakailangan para sa yaong mga naghahangad gawing perpekto ng Diyos ay ito: Kumilos nang may pusong nagmamahal sa Diyos sa lahat ng mga bagay. Ano ang kahulugan ng “kumilos nang may pusong nagmamahal sa Diyos”? Ibig sabihin nito ay ang lahat ng mga kilos at pag-uugali mo ay maihaharap sa Diyos. At sapagkat mayroon kang mga tamang layunin, kung tama man o mali ang mga kilos mo, hindi ka natatakot na ipakita ang mga ito sa Diyos o sa mga lalaki at mga babaeng kapatid mo, at nangangahas kang sumumpa sa harap ng Diyos. Dapat mong ipakita ang bawat layunin, diwa, at ideya mo sa harap ng Diyos para sa masusing pagsisiyasat Niya; kung nagsasagawa at pumapasok ka sa ganitong paraan, magiging mabilis ang pag-unlad sa buhay mo.

Hinango mula sa “Yaong mga Sumusunod sa Diyos Nang may Tunay na Puso ay Tiyak na Makakamit ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung gusto mong kasangkapanin ka at magawang perpekto ng Diyos, kailangan mong taglayin ang lahat: ang kahandaang magdusa, pananampalataya, pagtitiis, pagsunod, at kakayahang maranasan ang gawain ng Diyos, maunawaan ang Kanyang kalooban, maisaalang-alang ang Kanyang pighati, at iba pa. Hindi madaling gawing perpekto ang isang tao, at bawat isang pagpipinong nararanasan mo ay nangangailangan ng iyong pananampalataya at pagmamahal. Kung gusto mong magawang perpekto ng Diyos, hindi sapat ang magmadali lamang sa landas, ni sapat ang gugulin lamang ang iyong sarili para sa Diyos. Kailangan kang magtaglay ng maraming bagay upang maging isang tao na ginagawang perpekto ng Diyos. Kapag nagdurusa ka, kailangan mong magawang isantabi ang pag-aalala sa laman at huwag magreklamo laban sa Diyos. Kapag itinatago ng Diyos ang Kanyang Sarili mula sa iyo, kailangan mong magkaroon ng pananampalatayang sundan Siya, na mapanatili ang iyong dating pagmamahal nang hindi ito hinahayaang maging marupok o maglaho. Anuman ang gawin ng Diyos, kailangan kang magpasakop sa Kanyang plano at maging handang sumpain ang iyong sariling laman sa

halip na magreklamo laban sa Kanya. Kapag nahaharap ka sa mga pagsubok, kailangan mong mapalugod ang Diyos, bagama't maaaring mapait ang iyong pagluha o nag-aatubili kang mawalay sa anumang bagay na minamahal mo. Ito lamang ang tunay na pagmamahal at pananampalataya. Anuman ang aktuwal mong tayog, kailangan mo munang magkaroon kapwa ng kahandaang dumanas ng paghihirap at ng tunay na pananampalataya, at kailangan ka ring magkaroon ng kahandaang talikdan ang laman. Dapat ay handa kang magtiis ng personal na mga paghihirap at magdusa ng mga kawalan sa iyong mga personal na interes upang mapalugod ang kalooban ng Diyos. Kailangan mo ring magkaroon ng kakayahang taos na magsisi tungkol sa iyong sarili: Noong araw, hindi mo nagawang mapalugod ang Diyos, at ngayon, maaari kang magsisi sa iyong sarili. Hindi ka dapat magkulang sa anuman sa mga bagay na ito—sa pamamagitan ng mga bagay na ito, gagawin kang perpekto ng Diyos. Kung hindi mo matutugunan ang mga pangangailangang ito, hindi ka magagawang perpekto.

Hinango mula sa "Yaong mga Gagawing Perpekto ay Kailangang Sumailalim sa Pagpipino" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, pananalangin, pagtanggap ng pasanin ng Diyos, at pagtanggap ng mga gawaing ipinagkakatiwala Niya sa iyo—lahat ng ito ay para mayroong landas sa iyong harapan. Kapag mas mabigat ang pasaning ipinagkatiwala sa iyo ng Diyos, mas madali ka Niyang mapeperpekto. Ayaw makipagtulungan ng ilan sa iba sa paglilingkod sa Diyos, kahit natawag sila; tamad ang mga taong ito na nais lamang magsaya sa kaginhawahan. Kapag mas pinaglilingkod ka sa pakikipagtulungan sa iba, mas marami kang mararanasan. Dahil mas marami kang pasanin at karanasan, magkakaroon ka ng mas maraming pagkakataong maperpekto. Samakatuwid, kung kaya mong paglingkuran nang tapat ang Diyos, isasaisip mo ang pasanin ng Diyos; dahil diyan, magkakaroon ka ng mas maraming pagkakataong maperpekto ng Diyos. Ang gayong grupo lamang ng mga tao ang

kasalukuyang pineperpekto. Kapag mas inaantig ka ng Banal na Espiritu, mas maraming panahon kang iuukol sa pagsasaisip sa pasanin ng Diyos, mas mapeperpekto ka ng Diyos, at mas makakamit ka Niya—hanggang, sa bandang huli, magiging isang tao ka na kinakasangkapan ng Diyos. Sa kasalukuyan, may ilan na walang dinadalang pasanin para sa iglesia. Ang mga taong ito ay maluwag at pabaya, at ang tanging pinahahalagahan nila ay ang sarili nilang laman. Ang gayong mga tao ay masyadong makasarili, at bulag din sila. Kung hindi malinaw sa iyo ang bagay na ito, hindi ka magdadala ng anumang pasanin. Kapag mas isinasaisip mo ang kalooban ng Diyos, mas mabigat ang pasaning ipagkakatiwala Niya sa iyo. Ang mga makasarili ay ayaw magtiis ng gayong mga bagay; ayaw nilang bayaran ang halaga, at, dahil dito, mawawalan sila ng mga pagkakataong maperpekto ng Diyos. Hindi ba nila sinasaktan ang kanilang sarili? Kung ikaw ay isang tao na isinasaisip ang kalooban ng Diyos, makakabuo ka ng tunay na pasanin para sa iglesia. Sa katunayan, sa halip na tawagin itong pasanin na dinadala mo para sa iglesia, mas mainam na tawagin itong pasanin na dinadala mo para sa iyong sariling buhay, dahil ang layunin ng pasaning ito na binubuo mo para sa iglesia ay para magamit mo ang gayong mga karanasan upang maperpekto ka ng Diyos. Samakatuwid, sinuman ang nagdadala ng pinakamabigat na pasanin para sa iglesia, at sinuman ang nagdadala ng isang pasanin para makapasok sa buhay—sila ang magiging mga taong pineperpekto ng Diyos. Malinaw na ba ito sa iyo? Kung ang iglesiang kinabibilangan mo ay nakakalat na parang buhangin, ngunit hindi ka nag-aalala ni nababahala, at nagbubulag-bulagan ka pa kapag hindi normal na kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos ang iyong mga kapatid, hindi ka nagdadala ng anumang mga pasanin. Ang gayong mga tao ay hindi ang klaseng kinatutuwaan ng Diyos. Ang klase ng mga taong kinatutuwaan ng Diyos ay nagugutom at nauuhaw para sa katuwiran at isinasaisip ang kalooban ng Diyos. Sa gayon, dapat ninyong isaisip ang pasanin ng Diyos, ngayon mismo; hindi ninyo dapat hintaying ihayag ng Diyos ang Kanyang matuwid na disposisyon sa buong sangkatauhan bago ninyo isaisip ang pasanin ng Diyos. Hindi ba magiging

huli na ang lahat sa oras na iyon? Ngayon ang magandang pagkakataon upang maperpekto ng Diyos. Kung hahayaan mong makalagpas ang pagkakataong ito, pagsisisihan mo iyon habambuhay, gaya noong hindi nagawang pumasok ni Moises sa magandang lupain ng Canaan at pinagsisihan niya ito habambuhay, at namatay nang may taos na pagsisisi. Kapag naihayag na ng Diyos ang Kanyang matuwid na disposisyon sa lahat ng bayan, mapupuspos ka ng pagsisisi. Kahit hindi ka kastiguhin ng Diyos, kakastiguhin mo ang iyong sarili dahil sa sarili mong taos na pagsisisi. Hindi kumbinsido rito ang ilan, ngunit kung hindi ka naniniwala rito, maghintay ka lang at makikita mo. May ilang tao na ang tanging layunin ay tuparin ang mga salitang ito. Handa ka bang isakripisyo ang sarili mo para sa mga salitang ito?

Kung hindi ka naghahanap ng mga pagkakataong maperpekto ng Diyos, at kung hindi ka nagpupunyaging makaungos sa grupo sa paghahangad mong maperpekto, sa bandang huli ay mapupuspos ka ng pagsisisi. Ngayon ang pinakamainam na pagkakataong maperpekto; ngayon ay napakagandang panahon. Kung hindi mo marubdob na hinahangad na maperpekto ng Diyos, kapag nagwakas na ang Kanyang gawain, magiging huli na ang lahat—nalagpasan ka na ng pagkakataon. Gaano man kadakila ang iyong mga hangarin, kung hindi na gumaganap ng gawain ang Diyos, anuman ang gawin mo, hindi ka na kailanman mapeperpekto. Kailangan mong samantalahin ang pagkakataong ito at makipagtulungan habang ginagawa ng Banal na Espiritu ang Kanyang dakilang gawain. Kung makalagpas sa iyo ang pagkakataong ito, hindi ka na mabibigyan ng isa pa, anuman ang gawin mo.

Hinango mula sa “Isaisip ang Kalooban ng Diyos para Makamit ang Pagiging Perpekto” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang patuloy na pagsisikap ng mga tao na makapasok sa buhay ay batay sa mga salita ng Diyos. Dati-rati, sinabi na lahat ay isinasakatuparan dahil sa Kanyang mga salita, ngunit walang nakakita sa katotohanang ito. Kung papasok ka sa pagdanas ng kasalukuyang hakbang, magiging

malinaw ang lahat sa iyo, at magtatatag ka ng isang magandang pundasyon para sa mga pagsubok sa hinaharap. Anuman ang sabihin ng Diyos, magtuon ka lamang sa pagpasok sa Kanyang mga salita. Kapag sinabi ng Diyos na sisimulan Niyang kastiguhin ang mga tao, tanggapin mo ang Kanyang pagkastigo. Kapag hiniling ng Diyos na mamatay ang mga tao, tanggapin mo ang pagsubok na iyon. Kung palagi kang nabubuhay ayon sa Kanyang pinakabagong mga pahayag, sa huli ay gagawin kang perpekto ng mga salita ng Diyos. Habang mas pumapasok ka sa mga salita ng Diyos, mas mabilis kang gagawing perpekto. Bakit Ko hinihiling, sa sunud-sunod na pagbabahagi, na alamin ninyo at pasukin ang mga salita ng Diyos? Kapag patuloy mong pinagsisikapang matamo at maranasan ang mga salita ng Diyos, at pumapasok ka sa realidad ng Kanyang mga salita, saka lamang magkakaroon ng pagkakataon ang Banal na Espiritu na gumawa sa iyo. Samakatuwid, lahat kayo ay mga kalahok sa bawat pamamaraan ng paggawa ng Diyos, at gaano man kayo nagdurusa, sa huli ay tatanggap kayong lahat ng isang "paalaala." Upang makamtan ang inyong panghuling pagpeperpekto, kailangan ninyong pumasok sa lahat ng salita ng Diyos. Ang pagpeperpekto ng Banal na Espiritu sa mga tao ay hindi pang-isahan; hinihingi Niyang makipagtulungan ang mga tao, kailangan Niya ang lahat na sadyang makipagtulungan sa Kanya. Anuman ang sabihin ng Diyos, magtuon lamang sa pagpasok sa Kanyang mga salita—magiging mas kapaki-pakinabang ito sa inyong buhay. Lahat ay para magkaroon ng pagbabago sa inyong disposisyon. Kapag pumasok ka sa mga salita ng Diyos, aantigin Niya ang puso mo, at magagawa mong malaman ang lahat ng nais ng Diyos na matupad sa hakbang na ito ng Kanyang gawain, at magkakaroon ka ng matibay na pagpapasya na tuparin ito.

Hinango mula sa "Ang mga Taong Nagbago Na ang Disposisyon ay Yaong mga Nakapasok Na sa Realidad ng mga Salita ng Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa kasalukuyan, ang pangunahing dapat ninyong hangarin ay ang gawin kayong perpekto ng Diyos sa lahat ng bagay, at gawing perpekto ng

Diyos sa pamamagitan ng lahat ng tao, usapin, at bagay na hinaharap ninyo, upang higit pa sa kung ano ang Diyos ay mapapanday sa loob ninyo. Kailangan mo munang tanggapin ang pamana ng Diyos sa lupa; saka ka lamang magkakaroon ng karapatang magmana ng mas marami, at mas higit pang, mga pagpapala mula sa Diyos. Ito ang lahat ng bagay na dapat ninyong hangarin, at na dapat muna ninyong unawain bago ang lahat. Kapag mas hinahangad mong magawang perpekto ng Diyos sa lahat ng bagay, mas magagawa mong makita ang kamay ng Diyos sa lahat ng bagay, at bunga nito ay, sa pamamagitan ng iba't ibang pananaw at sa iba't ibang usapin, aktibo mong hahangarin na makapasok sa katauhan ng salita ng Diyos at makapasok sa realidad ng salita Niya. Hindi ka maaaring masiyahan sa mga balintiyak na kalagayan gaya ng hindi lamang gumagawa ng kasalanan, o walang mga pagkaunawa, walang pilosopiya sa pamumuhay, at walang pantaong kalooban. Ginagawang perpekto ng Diyos ang tao sa napakaraming paraan; sa lahat ng bagay ay may posibilidad na magawang perpekto, at magagawa ka Niyang perpekto hindi lamang sa positibong mga paraan kundi pati sa negatibong mga paraan, upang gawing mas masagana ang makakamit mo. Bawat isang araw ay may mga pagkakataong magawang perpekto at dahilang makamtan ng Diyos. Matapos maranasan ang ganito nang maikling panahon, lubos kang mababago, at likas na maiintindihan mo ang maraming bagay na dati ay hindi mo alam. Hindi na kakailanganin ang tagubilin mula sa iba; lingid sa kaalaman mo, liliwanagan ka ng Diyos, upang makatanggap ka ng kaliwanagan sa lahat ng bagay at makapasok sa lahat ng karanasan mo nang detalyado. Tiyak na gagabayan ka ng Diyos upang hindi ka gumawi sa kaliwa o sa kanan, at sa gayon tatapak ka sa landas ng pagpeperpekto Niya.

Hinango mula sa "Ang mga Pangako sa Yaong mga Nagawang Perpekto" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung nais ninyong gawing perpekto ng Diyos, dapat ninyong matutuhan kung paanong dumanas sa lahat ng bagay, at makamit ang

kaliwanagan sa lahat ng mangyayari sa inyo. Mabuti man ito o masama, dapat itong magdala ng kapakinabangan sa iyo, at dapat hindi ka gawing negatibo. Anupaman, dapat mong maisaalang-alang ang mga bagay habang nakatayo sa panig ng Diyos, at hindi suriin o aralin ang mga ito mula sa pananaw ng tao (ito ay magiging isang paglihis sa karanasan mo). Kung ganito ka dumanas, mapupuno ang puso mo ng mga pasanin ng buhay mo; palagi kang mamumuhay sa liwanag ng anyo ng Diyos, na hindi madaling malilihis ng landas sa pagsasagawa mo. May magandang kinabukasan ang ganitong mga tao sa hinaharap. Mayroong napakaraming pagkakataong magawang perpekto ng Diyos. Nakasalalay ang lahat ng ito sa kung kayo ay isang taong tunay na nagmamahal sa Diyos at kung taglay ninyo ang kapasyahang gawing perpekto ng Diyos, makamit ng Diyos, at tumanggap ng mga biyaya at pamana Niya. Hindi sapat ang kapasyahan lamang; dapat mayroon kayong malawak na kaalaman, kung hindi, palagi kayong malilihis sa pagsasagawa ninyo. Handa ang Diyos na gawing perpekto ang bawat isa sa inyo. Sa kasalukuyan, bagamat matagal nang tinanggap ng karamihan ng tao ang gawain ng Diyos, nilimitahan nila ang mga sarili nila sa pagpapainit lamang sa biyaya ng Diyos, at handa lamang na hayaan ang Diyos na bigyan sila ng kaunting ginhawa ng laman, subalit ayaw nilang tumanggap ng mas higit pa, at mas matataas, na mga pahayag. Ipinapakita nitong palagi pa ring nasa labas ang puso ng tao. Bagamat ang gawain ng tao, ang paglilingkod niya, at ang puso ng pagmamahal niya para sa Diyos ay may mas kaunting karumihan, kung ang panloob na diwa niya at ang paurong na pag-iisip niya ang pag-uusapan, palagi pa ring hinahangad ng tao ang kapayapaan at kasiyahan ng laman, at walang pakialam sa kung anu-ano ang mga kondisyon at mga layunin ng Diyos para sa pagpeperpekto sa tao. Kaya naman, masagwa at nabubulok pa rin ang buhay ng karamihan ng tao. Hindi nagbago kahit katiting ang mga buhay nila; sadyang hindi nila itinuturing na isang mahalagang bagay ang pananampalataya sa Diyos, na para bang may pananampalataya lamang sila alang-alang sa iba, kumikilos nang walang pagsisikap at pabayang nakararaos, inaanod sa isang walang-layong pag-

iral. Kakaunti lamang yaong mga nagagawang maghangad na makapasok sa salita ng Diyos sa lahat ng bagay, na nagkakamit ng mas higit at mas masasaganang bagay, nagiging mga taong may mas higit na kayamanan sa tahanan ng Diyos ngayon, at tumatanggap ng mas higit pang mga pagpapala ng Diyos. Kung hinahangad mong gawing perpekto ng Diyos sa lahat ng bagay, at nagagawang tanggapin ang ipinangako ng Diyos sa lupa, kung hinahangad mong maliwanagan ng Diyos sa lahat ng bagay at hindi hinahayaang lumipas ang mga taon nang nakatunganga, ito ang pinakamainam na landas na aktibong pasukin. Sa ganitong paraan ka lamang magiging karapat-dapat at magkakaroon ng karapatang gawing perpekto ng Diyos.

Hinango mula sa “Ang mga Pangako sa Yaong mga Nagawang Perpekto” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang Banal na Espiritu ay hindi lamang gumagawa sa ilang mga taong ginagamit ng Diyos, kundi, higit pa rito, sa iglesia. Maaaring gumagawa Siya sa sinuman. Maaaring gumawa Siya sa iyo sa kasalukuyang oras, at mararanasan mo ang gawaing ito. Sa susunod na yugto, maaari Siyang gumawa sa ibang tao, kung gayon dapat kang magmadaling makasunod; kapag mas malapit mong sinusundan ang kasalukuyang ilaw, mas higit na lalago ang buhay mo. Kahit na ano pang uri ang isang tao, kung gumagawa sa kanya ang Banal na Espiritu, dapat kang sumunod. Kunin mo ang mga karanasan niya sa sarili mo, at tatanggap ka ng mas higit pang mga bagay. Sa paggawa nito mas mabilis kang uusad. Ito ang landas ng pagkaperpekto para sa tao at paraan kung saan lalago ang buhay. Ang landas ng pagiging perpekto ay naaabot sa pamamagitan ng pagsunod mo sa gawain ng Banal na Espiritu. Hindi mo alam kung sa pamamagitan ng anong uri ng tao gagawa ang Diyos upang gawin kang perpekto, ni sa pamamagitan ng anong tao, pangyayari, o bagay na hahayaan ka Niyang makamit o makita ang mga bagay. Kung makatatapak ka sa tamang landas na ito, ipinakikita nito na mayroong malaking pag-asang magawa kang perpekto ng Diyos. Kung hindi mo magagawa, ipinakikita nitong malungkot,

salat sa ilaw ang kinabukasan mo. Kapag nagsimula ka sa tamang landas, makakamit mo ang pahayag sa lahat ng mga bagay. Kahit na ano pa man ang ibinubunyag ng Banal na Espiritu sa iba, kung magpapatuloy ka batay sa kaalaman nila para maranasan ang mga bagay sa sarili mo, magiging bahagi ng buhay mo ang karanasang ito, at magagawa mong tustusan ang iba sa karanasang ito. Yaong mga nagtutustos sa iba sa pamamagitan ng paggaya sa mga salita ay mga taong hindi pa nagkakaroon ng anumang mga karanasan; dapat mong matutunang humanap, sa pamamagitan ng kaliwanagan at pagpapalinaw ng iba, ng paraan ng pagsasagawa bago ka magsimulang magsalita tungkol sa sarili mong aktwal na karanasan at kaalaman. Ito ay magiging higit na pakinabang sa sarili mong buhay. Dapat mong maranasan ang ganito, na sumusunod sa lahat ng nagmumula sa Diyos. Dapat mong hangarin ang kalooban ng Diyos sa lahat ng mga bagay at matutunan ang mga aral sa lahat ng mga bagay, nang lumago ang buhay mo. Ang ganitong pagsasagawa ay nagbibigay ng pinakamabilis na pag-usad.

Hinango mula sa “Yaong mga Sumusunod sa Diyos Nang may Tunay na Puso ay Tiyak na Makakamit ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang hinangad ni Pedro ay makilala ang kanyang sarili at makita kung ano ang naihayag sa kanya sa pamamagitan ng pagpipino ng mga salita ng Diyos at sa loob ng iba’t ibang pagsubok na ibinigay sa kanya ng Diyos. Nang totoong mangyari na makilala niya ang sarili, natanto ni Pedro kung gaano kalalim ang pagkatiwali ng mga tao, kung gaanong walang halaga at hindi karapat-dapat sila sa paglilingkod sa Diyos, at hindi sila nararapat na mabuhay sa Kanyang harap. Nang magkagayon ay nagpatirapa si Pedro sa harap ng Diyos. Sa huli, naisip niya, “Ang makilala ang Diyos ang pinakamahalagang bagay! Kung mamamatay ako bago ko Siya makilala, magiging kalunos-lunos ito; nararamdaman ko na ang makilala ang Diyos ang pinakamahalaga, pinakamakahulugang bagay na mayroon. Kung hindi kilala ng tao ang Diyos, wala siyang karapatang mabuhay at walang buhay.” Nang umabot na sa ganitong punto ang karanasan ni Pedro,

nalaman na niya ang kanyang sariling kalikasan at nakapagtamo na ng mabuti-buting pag-unawa nito. Bagama't marahil ay hindi niya magagawang ipaliwanag ito nang kasinglinaw na magagawa ng mga tao ngayon, sadyang naabot na ni Pedro ang kalagayang ito. Samakatwid, ang pagsisikap na matamo ang buhay at ang pagtatamo ng pagpeperpekto ng Diyos ay nangangailangan ng pagkakilala sa sariling kalikasan ng isang tao mula sa loob ng mga pahayag ng Diyos, gayundin ng pag-unawa sa mga aspekto ng likas na katangian ng isang tao at wastong paglalarawan nito sa mga salita, nang malinaw at payak na nagsasalita. Ito lamang ang tunay na pagkakilala sa iyong sarili, at natamo mo na ang resultang hinihingi ng Diyos. Kung ang iyong kaalaman ay hindi pa umabot sa puntong ito, subalit sinasabi mo na naunawaan mo ang iyong sarili at sinasabing nagtamo ka ng buhay, hindi ba't nagyayabang ka lamang? Hindi mo kilala ang iyong sarili, o hindi mo alam kung ano ka sa harap ng Diyos, kung totoo mang naabot mo ang mga pamantayan ng pagiging tao, o gaano karami ang mga malasatanas na elementong taglay pa rin ng iyong loob. Hindi pa rin malinaw sa iyo ang tungkol sa kung kanino ka nabibilang, at wala ka man lamang ng anumang pagkakilala sa sarili—kaya't paano ka magtataglay ng katwiran sa harap ng Diyos? Nang naghahanap si Pedro ng buhay, nakatutok siya sa pag-unawa sa kanyang sarili at pagbabagong-anyo ng kanyang disposisyon sa gitna ng mga pagsubok sa kanya, at nagsikap siya na makilala ang Diyos, at sa huli, naisip niya, "Dapat maghanap ang mga tao ng pagkaunawa sa Diyos sa buhay; ang makilala Siya ang pinakakritikal na bagay. Kung hindi ko kilala ang Diyos, kung gayon ay hindi ako makapagpapahinga nang payapa kapag namatay ako. Sa sandaling makilala ko Siya, at nilayon ng Diyos na mamatay na ako, makadarama pa rin ako ng labis na pasasalamat na gawin iyon; hindi ako magrereklamo nang bahagya man, at mapupuspos ang buong buhay ko." Hindi nagawa ni Pedro na matamo ang antas na ito ng pag-unawa o kagyat na marating ang dakong ito pagkaraang masimulan niya na maniwala sa Diyos; kinailangan muna niyang sumailalim sa napakaraming pagsubok. Kinailangan munang umabot ang kanyang karanasan sa isang tiyak na

mohon, at kinailangan niyang ganap na maunawaan ang sarili, bago niya madama ang halaga na makilala ang Diyos. Samakatwid, ang landas na tinahak ni Pedro ay yaong makapagtatamo ng buhay at makagagawang perpekto; ito ang aspekto na pangunahing pinagtuunan ng kanyang tiyak na gawain.

Hinango mula sa “Paano Lakaran Ang Landas ni Pedro” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang mga taong nagawang perpekto ay hindi lamang may normal na pagkatao, kundi nagtataglay ng mga katotohanang nakahihigit sa mga sukat ng konsensya, na mas mataas pa kaysa mga pamantayan ng konsensya. Hindi lamang nila ginagamit ang kanilang konsensya upang masuklian ang pag-ibig ng Diyos, ngunit, higit pa rito, nakilala nila ang Diyos, at nakita nila na ang Diyos ay kaibig-ibig, at karapat-dapat ibigin ng tao, at napakaraming bagay ang kaibig-ibig sa Diyos. Walang magagawa ang tao kundi ang ibigin Siya. Ang pag-ibig sa Diyos para sa mga nagawang perpekto ay upang matupad nila ang kanilang pansariling mga hangarin. Ang kanila ay pag-ibig na kusang-loob, isang pag-ibig na hindi humihiling ng kapalit, at hindi isang transaksyon. Iniibig nila ang Diyos dahil lamang sa kanilang pagkakilala sa Kanya at wala nang iba pa. Hindi iniisip ng mga taong ito kung pagkakalooban sila ng Diyos ng mga biyaya, dahil sapat na sa kanila ang mabigyang-kasiyahan ang Diyos. Hindi sila nakikipagtawaran sa Diyos, o kaya ay nagsusukat ng kanilang pag-ibig sa Diyos sa pamamagitan ng konsensya: “Nakapagbigay Ka sa akin, kaya iniibig din Kita. Kung hindi Ka nagbibigay sa akin, wala rin akong anumang maibibigay na kapalit sa Iyo.” Ang mga nagawang perpekto ay laging naniniwala na: “Ang Diyos ang Lumikha, at isinasakatuparan Niya ang Kanyang gawain sa atin. Dahil ako ay may ganitong pagkakataon, kalagayan, at katangian upang gawing perpekto, ang pagsusumikapan kong makamit ay ang magkaroon ng isang makabuluhang buhay, at dapat na Siya ay aking mapasaya.” Katulad lamang ito ng naranasan ni Pedro: Noong siya ay hinang-hina, nanalangin siya sa Diyos at sinabing, “O Diyos!

Kahit anong panahon at saan mang dako, alam Mong lagi Kitang naaalaala. Kahit anong panahon at saan mang dako, batid Mong nais Kitang ibigin, ngunit ang aking tayog ay napakaliit, ako ay masyadong mahina at walang kapangyarihan, ang aking pag-ibig ay masyadong nalilimitahan, at ang aking katapatan sa Iyo ay masyadong maliit. Kung ihahambing sa Iyong pag-ibig, hindi ako nararapat para mabuhay. Nais ko lamang hilingin na ang aking buhay ay hindi mawalan ng kabuluhan, at hindi ko lamang masusuklian ang Iyong pag-ibig, kundi, higit pa rito, maaari kong ilaan sa Iyo ang lahat-lahat nang mayroon ako. Kung mapasasaya Kita, bilang isang nilalang, magkakaroon ako ng payapang isipan at hindi na hihiling nang higit pa. Bagama't ako ay mahina at walang kapangyarihan ngayon, hindi ko malilimutan ang Iyong mga payo, at hindi ko malilimutan ang Iyong pag-ibig. Ngayon, wala akong ginagawa kundi ang suklian ko lamang ang Iyong pag-ibig. O Diyos, ang pakiramdam ko'y lubhang masama! Paano ko maibabalik sa Iyo ang pag-ibig sa aking puso, paano ko magagawa ang lahat ng aking makakaya, at makayanang tuparin ang Iyong mga ninanais, at maihandog ang lahat ng mayroon ako sa Iyo? Alam Mo ang kahinaan ng tao. Paano nga ba ako magiging karapat-dapat sa Iyong pag-ibig? O Diyos! Alam Mong ako ay mayroong mababang tayog, at babahagya lamang ang aking pag-ibig. Paano ko magagawa ang pinakamabuting makakaya ko sa ganitong uri ng kapaligiran? Alam kong dapat kong suklian ang Iyong pag-ibig, alam kong dapat kong ibigay ang lahat ng mayroon ako sa Iyo, ngunit ngayon ay lubhang mababa ang aking tayog. Aking hinihiling na bigyan Mo ako ng lakas at katatagan, upang higit ko pang mataglay ang isang dalisay na pag-ibig na maitatalaga ko sa Iyo, at higit kong maitalaga ang lahat ng mayroon ako sa Iyo. Hindi ko lamang masusuklian ang Iyong pag-ibig, kundi lalo kong maranasan ang Iyong pagkastigo, paghatol at mga pagsubok, at kahit ang mga mas matitinding sumpa. Pinayagan Mo akong mapagmasdan ang Iyong pag-ibig, at wala akong kakayahang hindi Ka ibigin at kahit na ako ay mahina at walang lakas ngayon, paano ba Kita malilimutan? Ang Iyong pag-ibig, pagkastigo, at paghatol ay naging dahilan upang makilala Kita, ngunit ramdam ko rin na

wala akong kakayahang tuparin ang Iyong pag-ibig, dahil Ikaw ay napakadakila. Paano ko ba maitatalaga ang lahat ng mayroon ako sa aking Lumikha?" Iyon ang kahilingan ni Pedro, bagaman ang kanyang tayog ay lubhang hindi-sapat. Sa sandaling ito, naramdaman niya na para bang sinaksak ng isang kutsilyo ang kanyang puso at siya ay nasa matinding paghihirap. Hindi niya batid kung ano ang dapat gawin sa ilalim ng ganoong mga kalagayan. Gayunman ay nagpatuloy siya sa pananalangin: "O Diyos! Ang tao ay kasing-tayog lamang ng bata, ang kanyang konsensya ay mahina, at ang magagawa ko lamang ay suklian ang Iyong pag-ibig. Ngayon, hindi ko alam kung paano ko matutugunan ang Iyong mga ninanasa, at ang tanging nais ko ay magawa ang lahat ng aking makakaya, maibibigay ang lahat ng mayroon ako, at maitatalaga ang lahat ng mayroon ako sa Iyo. Anuman ang Iyong maging paghatol, anuman ang Iyong pagkastigo, anuman ang Iyong igagawad sa akin, anuman ang aalisin Mo sa akin, tulungan Mo akong huwag maghinaing ng kahit katiting sa Iyo. Maraming pagkakataon, noong ako'y kinastigo at hinatulan Mo, dumaing ako sa sarili ko, at hindi ko nakamit ang kadalisayan, o natupad ang Iyong mga nais. Napipilitan lamang ang aking naging tugon sa Iyong pag-ibig, at sa sandaling ito kinamumuhian ko nang higit pa ang sarili ko." Ang paghahanap niya ng mas dalisay na pag-ibig sa Diyos ang dahilan kung bakit nanalangin si Pedro nang ganito. Siya ay naghahanap, at nakikiusap, at, higit pa, ay nagpaparatang sa kanyang sarili, at umaamin sa kanyang mga pagkakasala sa Diyos. Pakiramdam niya ay may pagkakautang siya sa Diyos, at nakaramdam siya ng pagkamuhi sa kanyang sarili, gayunman siya ay tila nalungkot din nang bahagya at walang kibo. Laging gayon ang pakiramdam niya, na parang hindi siya karapat-dapat para sa mga nais ng Diyos, at hindi niya naibigay ang lahat ng kanyang makakaya. Sa ilalim ng ganoong kalagayan, ipinagpatuloy ni Pedro ang pagsisikap na magkaroon ng pananampalatayang tulad ng kay Job. Nakita Niya kung gaano kadakila ang naging pananampalataya ni Job, sapagkat nakita ni Job na ang lahat ng pag-aari niya ay ipinagkaloob ng Diyos, at likas para sa Diyos na alisin ang lahat ng kanyang mga pag-aari,

at ibigay ang mga ito ng Diyos sa kahit kanino man Niya naisin—gayon ang matuwid na disposisyon ng Diyos. Walang mga reklamo si Job, at mapupuri pa rin ang Diyos. Kilala rin ni Pedro ang sarili niya, at sa kanyang puso siya ay nanalangin, “Ngayon, hindi sapat para sa akin na gantihan ang Iyong pag-ibig gamit ang aking konsensya at kahit gaano kasidhing pag-ibig ang ibigay ko pabalik sa Iyo, dahil ang aking mga kaisipan ay lubhang tiwali, at dahil wala akong kakayahang makita Ka bilang ang Lumikha. Dahil hindi pa rin ako karapat-dapat na umibig sa Iyo, dapat kong linangin ang kakayahan na ilaan ang lahat ng mayroon ako sa Iyo, na gagawin ko nang maluwag sa kalooban. Dapat kong malaman lahat ng Iyong mga nagawa, at walang pagpipilian, at dapat kong mamasdan ang Iyong pag-ibig, at makapagsalita ako ng mga papuri sa Iyo, at parangalan ang Iyong banal na pangalan, upang Ikaw ay maaaring magkamit ng dakilang kaluwalhatian sa pamamagitan ko. Ako ay handang manindigan nang matibay sa patotoong ito sa Iyo. O Diyos! Ang Iyong pag-ibig ay ubod nang inam at halaga; paano nga ba ako magnanais na mamuhay sa kasamaan? Hindi ba ako ay Iyong ginawa? Paanong mabubuhay ako sa ilalim ng sakop ni Satanas? Pipiliin ko na ang aking buong katauhan ay mamuhay sa gitna ng Iyong pagkastigo. Hindi ako payag na mamuhay sa ilalim ng sakop ng kasamaan. Kung ako ay madadalisay, at mailalaan ang aking lahat-lahat sa Iyo, kusa kong ilalaan ang aking katawan at pag-iisip sa Iyong paghatol at pagkastigo, sapagkat kinamumuhian ko si Satanas, at hindi ko gustong mamuhay sa ilalim ng sakop nito. Sa pamamagitan ng Iyong paghatol sa akin, ipinakikita Mo ang Iyong matuwid na disposisyon; ako ay natutuwa, at hindi dumaraing kahit katiting. Kung aking magagawa ang tungkulin ng isang nilalang, handa ako na ang aking buong buhay ay samahan ng Iyong paghatol, kung saan sa pamamagitan nito ay malalaman ko ang Iyong matuwid na disposisyon, at itatakwil sa sarili ko ang impluwensya ng kasamaan.” Lagi iyong ipinagdasal ni Pedro, laging iyon ang kanyang hinangad, at medyo naabot niya ang isang mataas na sakop. Hindi lamang niya naibalik ang pag-ibig ng Diyos, kundi, mas mahalaga, natupad rin niya ang kanyang tungkulin bilang isang nilalang.

Hindi lamang sa hindi siya pinaratangan ng kanyang konsensya, kundi nalampasan din niya ang mga pamantayan ng konsensya. Patuloy na nakaabot sa harap ng Diyos ang kanyang mga dalangin, anupa't ang kanyang mga hangarin ay mas tumaas, at mas lumalim ang kanyang pag-ibig sa Diyos. Bagaman nagdurusa siya ng matinding sakit, hindi pa rin niya nilimot na ibigin ang Diyos, at patuloy pang hinanap na makamtan ang kaunawaan sa kalooban ng Diyos. Sa kanyang mga panalangin ay binigkas niya ang sumusunod na mga salita: Natupad ko ang hindi hihigit sa pagbabalik ng kabayaran ng Iyong pag-ibig. Hindi ako nagpatotoo sa Iyo sa harap ni Satanas, hindi napalaya ang sarili ko mula sa impluwensya ni Satanas, at nanatiling namumuhay sa gitna ng laman. Nais kong gamitin ang aking pag-ibig para madaig si Satanas, hiyain ito, at nang sa gayon ay mabigyang-kasiyahan ko ang Iyong nasa. Nais kong ibigay sa Iyo ang buong sarili ko, at hindi ibigay ni katiting man ng aking sarili kay Satanas, dahil si Satanas ay Iyong kaaway. Kapag lalo siyang nagsisikap sa daang ito, lalo siyang naaantig, at lalong tumataas ang kanyang kaalaman sa mga bagay na ito. Lingid sa kanyang kamalayan, nabatid niyang kailangan niyang kumawala sa impluwensya ni Satanas, at dapat na lubusan siyang manumbalik sa Diyos. Iyon nga ang kinasasaklawang kanyang nakamit. Napapanaigan niya ang impluwensya ni Satanas, at inaalis sa kanyang sarili ang mga kasiyahan at mga pagtatamasa ng laman, at ginustong maranasan nang mas malalim kapwa ang pagkastigo at paghatol ng Diyos. Sinabi niya, "Kahit na ako ay nabubuhay sa gitna ng Iyong pagkastigo at sa gitna ng Iyong paghatol, gaano man ang kahirapang mararanasan, hindi pa rin ako mamumuhay sa ilalim ng sakop ni Satanas, hindi pa rin ako payag magdusa sa mga panlilinlang ni Satanas. Nalulugod ako sa pamumuhay sa gitna ng Iyong mga sumpa, at namimighati sa pamumuhay sa gitna ng mga pagpapala ni Satanas. Iniibig Kita sa pamamagitan ng pamumuhay sa gitna ng Iyong paghatol, at nagbibigay ito sa akin ng malaking kasiyahan. Ang Iyong pagkastigo at paghatol ay matuwid at banal; ito ay upang linisin ako, at higit pa ay upang iligtas ako. Mas gugustuhin kong gugulin ang aking buong buhay sa gitna ng Iyong paghatol upang mapasailalim ako sa

Iyong pangangalaga. Hindi ako payag na mamuhay nang kahit isang saglit sa ilalim ng sakop ni Satanas; gusto kong malinis Mo ako; kahit na ako ay makaranas ng mga paghihirap, hindi ako payag na magamit at malinlang ni Satanas. Ako, ang nilalang na ito, ay dapat na magamit Mo, maangkin Mo, mahatulan Mo, at makastigo Mo. Dapat Mo nga rin akong sumpain. Ang aking puso ay nagsasaya kapag nalulugod Kang pagpalain ako, sapagkat nakita ko ang Iyong pag-ibig. Ikaw ay ang Lumikha, at ako ay isang nilalang: Hindi Kita dapat ipagkanulo at mamuhay sa ilalim ng sakop ni Satanas, ni dapat man akong magamit ni Satanas. Dapat akong maging kabayo Mo o baka, sa halip na mabuhay para kay Satanas. Mas mamarapatin kong mabuhay sa gitna ng Iyong pagkastigo, walang kaligayahang pisikal, at ito ay magbibigay-kasiyahan sa akin kahit na mawalan ako ng Iyong biyaya. Bagaman ang Iyong biyaya ay wala sa akin, nagsasaya ako na Iyong makastigo at mahatulan; ito ang Iyong pinakamainam na pagpapala, ang Iyong pinakadakilang biyaya. Bagaman Ikaw ay palaging maringal at puno ng poot sa akin, hindi pa rin Kita maitatakwil, at hindi pa rin Kita maiibig nang sapat. Pipiliin kong manirahan sa Iyong tahanan, pipiliin kong maisumpa, makastigo, at mapalo Mo, at hindi nais na mamuhay sa ilalim ng sakop ni Satanas, ni hindi ko rin gusto na magmadali at gawing abala ang aking sarili para lamang sa laman, at lalong hindi ko gustong mamuhay para sa laman." Ang pag-ibig ni Pedro ay isang dalisay na pag-ibig. Ito ang karanasan ng ginagawang perpekto, at ang pinakamataas na kinasasaklawan ng pagiging ginawang perpekto; wala nang buhay na mas makahulugan diyan.

Hinango mula sa "Ang mga Karanasan ni Pedro: Ang Kanyang Kaalaman sa Pagkastigo at Paghatol" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung, sa paniniwala ng tao sa Diyos, siya ay hindi taimtim tungkol sa mga bagay-bagay ng buhay, hindi hinahabol ang pagpasok sa katotohanan, hindi naghahabol ng mga pagbabago sa kanyang disposisyon, at lalong hindi naghahabol ng isang kaalaman sa gawain ng Diyos, kung gayon hindi siya magagawang perpekto. Kung gusto mo na

magawang perpekto, kung gayon ay dapat mong maunawaan ang gawain ng Diyos. Sa partikular, dapat mong maunawaan ang kahalagahan ng Kanyang pagkastigo at paghatol, at bakit ang gawaing ito ay isinasagawa sa tao. Kaya mo bang tanggapin? Sa panahon ng ganitong uri ng pagkastigo, kaya mo bang makamit ang mga karanasan at kaalaman na kapareho ng kay Pedro? Kung ikaw ay naghahangad ng kaalaman sa Diyos at ng gawain ng Banal na Espiritu, at kung nagsisikap kang magkaroon ng mga pagbabago sa iyong disposisyon, kung gayon mayroon kang pagkakataon na magawang perpekto.

Para sa mga yaong gagawing perpekto, ang hakbang na ito ng gawain ng pagiging nalupig ay hindi maaaring hindi isasagawa, sa sandaling nalupig ang isang tao ay saka pa lamang siya makararanas ng gawain ng pagiging ginagawang perpekto. Walang malaking kahalagahan sa pagganap lamang ng papel ng pagiging nalupig, hindi ito magtutulot sa iyo na maging akmang gamitin ng Diyos. Hindi ka magkakaroon ng daan na gampanan ang iyong bahagi sa pagpapalaganap ng ebanghelyo, sapagkat hindi mo hinahabol ang buhay, at hindi mo pinagsisikapan ang mga pagbabago at pagpapanibago ng iyong sarili, kung kaya wala kang tunay na karanasan sa buhay. Sa panahon ng gawaing ito nang paisa-isang hakbang, gumanap ka nang minsan bilang taga-serbisyo, at isang hambingan, ngunit kung sa kasukdulan ay hindi mo pinagsikapang maging Pedro, at ang iyong pagsisikap ay hindi kaayon sa landas kung saan si Pedro ay ginawang perpekto, kung gayon, natural, hindi ka makararanas ng mga pagbabago sa iyong disposisyon. Kung ikaw ay isang taong naghahangad na magawang perpekto, kung gayon magpapatotoo ka, at sasabihin mo: “Sa hakbang-hakbang na gawaing ito ng Diyos, natanggap ko ang pagkastigo at paghatol ng Diyos, at bagaman nakapagtiis ako ng matinding pagdurusa, nalaman ko kung paano ginagawang perpekto ng Diyos ang tao, nakamit ko ang gawaing ginagawa ng Diyos, nagkaroon ako ng kaalaman sa pagkamatuwid ng Diyos, at ang Kanyang pagkastigo ay nagligtas sa akin. Ang Kanyang matuwid na disposisyon ay dumating sa akin, at nagdala sa akin ng mga pagpapala at biyaya; ang Kanyang

paghatol at pagkastigo ang nag-ingat at dumalisay sa akin. Kung hindi ako nakastigo at nahatulan ng Diyos, at kung ang Kanyang masasakit na salita ay hindi dumating sa akin, hindi ko sana makikilala ang Diyos, at ni hindi ako maliligtas. Nakikita ko ngayon: Bilang isang nilalang, hindi lamang tinatamasa ng isang tao ang lahat ng bagay na nilikha ng Lumikha, ngunit, mas mahalaga, na lahat ng nilalang ay dapat magtamasa ng matuwid na disposisyon ng Diyos at ng Kanyang matuwid na paghatol, sapagkat ang disposisyon ng Diyos ay karapat-dapat sa pagtatamasa ng tao. Bilang isang nilalang na nagawang tiwali ni Satanas, dapat na tamasahin ng isa ang matuwid na disposisyon ng Diyos. Sa Kanyang matuwid na disposisyon ay mayroong pagkastigo at paghatol, at, higit pa rito, mayroong dakilang pag-ibig. Bagaman hindi ko kayang lubos na matamo ang pag-ibig ng Diyos sa ngayon, nagkaroon naman ako ng mabuting kapalaran na makita ito, at dahil dito ako ay pinagpala." Ito ang landas na nilakaran niyaong mga nakakaranas na magawang perpekto at ito ang kaalaman na sinasabi nila. Ang gayong mga tao ay pareho ni Pedro; mayroon silang parehong mga karanasan ni Pedro. Ang gayong mga tao ay yaon ding nakatamo ng buhay, at nagtataglay ng katotohanan. Kapag nararanasan nila hanggang sa katapus-tapusan, sa panahon ng paghatol ng Diyos tiyak na ganap nilang iwawaksi sa kanilang sarili ang impluwensya ni Satanas, at matatamo ng Diyos.

Hinango mula sa "Ang mga Karanasan ni Pedro: Ang Kanyang Kaalaman sa Pagkastigo at Paghatol" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kailangan mong magawang sumunod hanggang sa kahuli-hulihan mayroon mang anumang mga maaasam, at hindi ka dapat mawalan ng pananampalataya sa Diyos anuman ang sitwasyon. Sa huli, kailangan mong matamo ang dalawang aspeto ng patotoo: ang patotoo ni Job—pagsunod hanggang kamatayan; at ang patotoo ni Pedro—ang sukdulang pagmamahal sa Diyos. Sa isang banda, kailangan mong maging kagaya ni Job: nawala ang lahat ng kanyang ari-arian, at pinahirapan ng sakit ng katawan, subalit hindi niya tinalikuran ang pangalan ni Jehova. Ito ang

patotoo ni Job. Nagawang mahalin ni Pedro ang Diyos hanggang kamatayan. Noong siya ay ipako sa krus at hinarap ang kanyang kamatayan, minahal pa rin niya ang Diyos; hindi niya inisip ang sarili niyang mga inaasam o hinangad ang magagandang pag-asa o maluluhong saloobin, at hinangad lamang niyang mahalin ang Diyos at sundin ang lahat ng plano ng Diyos. Iyan ang batayan na kailangan mong makamtan bago ka maituring na nagpatotoo, bago ka maging isang tao na nagawang perpekto matapos na malupig.

Hinango mula sa “Ang Katotohanang Nakapaloob sa Gawain ng Panlulupig (2)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kapag nagsimulang tumahak ang mga tao sa landas ng pagka-perpekto, nagiging posibleng magbago ang dati nilang mga disposisyon. Bukod dito, patuloy na lumalago ang kanilang buhay, at unti-unti silang pumapasok nang mas malalim sa katotohanan. Nagagawa nilang kamuhian ang mundo at lahat ng hindi nagsisikap na matamo ang katotohanan. Kinamumuhian nila lalo na ang kanilang sarili, ngunit higit pa riyan, malinaw nilang kilala ang kanilang sarili. Handa silang mamuhay ayon sa katotohanan at ginagawa nilang kanilang layunin na sikaping matamo ang katotohanan. Ayaw nilang mamuhay ayon sa mga kaisipang nabuo sa sarili nilang utak, at nakararamdam sila ng pagkamuhi sa pagmamagaling, kahambugan, at kapalaluan ng tao. Nagsasalita sila nang may matinding pagpapahalaga sa kagandahang-asal, nangangasiwa sa mga bagay-bagay nang may paghiwatig at karunungan, at matapat at masunurin sa Diyos. Kung nakararanas sila ng isang pagkakataon ng pagkastigo at paghatol, hindi lamang sila hindi nagiging walang kibo o mahina, kundi nagpapasalamat pa sila para sa pagkastigo at paghatol na ito ng Diyos. Naniniwala sila na hindi maaaring wala silang pagkastigo at paghatol ng Diyos, na pinoprotektahan sila nito. Hindi sila nagsisikap na maghangad ng pananampalatayang magkaroon ng kapayapaan at kagalakan at maghanap ng tinapay upang mapawi ang gutom. Ni hindi rin sila naghahangad ng panandaliang kaaliwan ng laman. Ito ang nangyayari

sa mga naperpekto.

Hinango mula sa “Ang Katotohanang Nakapaloob sa Gawain ng Panlulupig (4)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung ang isang tao ay kayang bigyang-kasiyahan ang Diyos habang tinutupad ang kanyang tungkulin, may prinsipyo sa mga salita at kilos niya, at kayang pumasok sa katotohanang realidad ng lahat ng aspeto ng katotohanan, siya ay isang taong gagawing perpekto ng Diyos. Masasabi na ang gawain at mga salita ng Diyos ay lubos na naging mabisa para sa gayong mga tao, na ang mga salita ng Diyos ay naging mga buhay nila, na nakamit na nila ang katotohanan, at na nagagawa nilang mabuhay alinsunod sa mga salita ng Diyos. Pagkatapos nito, ang kalikasan ng kanilang laman—iyon ay, ang pinakasaligan ng kanilang orihinal na pag-iral—ay mayayanig at mabubuwal. Pagkatapos taglayin ng mga tao ang mga salita ng Diyos bilang kanilang buhay, magiging mga bagong tao sila. Kung ang mga salita ng Diyos ay maging buhay nila, kung ang pangitain ng gawain ng Diyos, ang Kanyang mga kinakailangan mula sa sangkatauhan, ang Kanyang mga pahayag sa tao, at ang mga pamantayan para sa isang tunay na buhay na hinihingi ng Diyos na magawa nila ay maging buhay nila, kung nabubuhay sila alinsunod sa mga salita at katotohanang ito, sila ay pineperpekto sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos. Muling isinisilang ang gayong mga tao, at naging mga bagong tao na sila sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos. Ito ang landas kung paano naghabol si Pedro sa katotohanan; ito ay ang landas ng pagiging ginagawang perpekto, ginagawang perpekto sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos, at nagkakamit ng buhay mula sa mga salita ng Diyos. Ang katotohanan na ipinahayag ng Diyos ay naging kanyang buhay, at sa gayon lamang siya naging isang tao na nakamit ang katotohanan.

Hinango mula sa “Paano Lakaran Ang Landas ni Pedro” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

II. Tungkol sa mga Prinsipyo ng Pagkilala sa

Sarili

44. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa Sarili sa Pamamagitan ng Pagninilay-nilay sa Sarili

(1) Kinakailangang gamitin ang bawat pangungusap ng mga salita ng Diyos, kung saan hinahatulan at inilalantad Niya ang tao, bilang batayan para sa malimit na pagninilay-nilay sa sarili. Dapat pagsikapan ng isang tao na sukatin ang kanyang sarili batay sa bawat linya ng Kanyang mga salita;

(2) Sa lahat ng bagay, magnilay-nilay kung mayroon bang mga pagpapahayag ng iyong katiwalian sa iyong mga salita, pag-uugali, o asal, o sa iyong mga kaisipan o ideya; at kung umaayon ba ang mga ito sa katotohanan o nagkakasala laban sa disposisyon ng Diyos;

(3) Kinakailangang mahuli ng isang tao ang kanyang mga paglabag at pagpapahayag ng katiwalian kapag nagninilay-nilay sa sarili, nang sa gayon malaman niya ang kanyang kalikasang diwa at makita kung gaano siya kahabag-habag;

(4) Kapag nahaharap sa pagtatabas at pakikitungo, sa mga pagsubok at pagpipino, o sa mga kabiguan at dagok, lalong dapat manalangin sa Diyos ang isang tao, nang sa gayon ay matutuhan niyang magpasakop sa katotohanan at talikdan ang laman. Hindi dapat mangatwiran kailanman ang isang tao;

(5) Ang pinakamainam na pagsasanay ay ang gamitin ang mga naranasang kabiguan at pagbagsak ng mga huwad na lider at mga anticristo upang makapagnilay-nilay sa sarili; lalo nitong pinatitindi ang mga aral na itinuturo sa isang tao.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang susi sa pagkakamit ng pagbabago sa disposisyon ay ang malaman ng isang tao ang kanyang sariling kalikasan, at kailangang mangyari ito alinsunod sa mga pagbubunyag mula sa Diyos. Sa salita lamang ng Diyos malalaman ng isang tao ang sarili niyang kasuklam-suklam na kalikasan, makikilala sa sarili niyang kalikasan ang iba’t ibang

lason ni Satanas, matatanto na siya ay hangal at mangmang, at matutukoy ang mahihina at mga negatibong elemento sa kanyang kalikasan. Pagkatapos malaman nang lubusan ang mga ito, at talagang nagagawa mong kamuhian ang sarili mo at talikdan ang laman, palaging isagawa ang salita ng Diyos, at maging handa na lubusang magpasakop sa Banal na Espiritu at sa salita ng Diyos, nasimulan mo nang tumahak sa landas ni Pedro.

Hinango mula sa “Ang Kilalanin ang Sarili ay Pangunahing Tungkol sa Pagkilala sa Pantaong Kalikasan” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Para makilala mo ang iyong sarili, kailangan mong malaman ang iyong sariling mga pagpapahayag ng katiwalian, ang malalaki mong kahinaan, ang disposisyon mo, at ang kalikasang diwa mo. Kailangan mo ring malaman, hanggang sa pinakahuling detalye, yaong mga bagay na nahahayag sa iyong pang-araw-araw na buhay—ang iyong mga motibo, mga pananaw, at saloobin sa bawat bagay—nasa bahay ka man o nasa labas, kapag nasa mga pagtitipon ka, kapag kumakain at umiinom ka ng mga salita ng Diyos, o sa bawat isyung kinakaharap mo. Sa pamamagitan ng mga bagay na ito kailangan mong makilala ang iyong sarili. Para makilala mo nang mas malalim ang iyong sarili, kailangan mong sangkapan ang sarili mo ng mga salita ng Diyos; magkakamit ka lamang ng mga resulta kapag nakilala mo ang iyong sarili batay sa Kanyang mga salita. Kapag tumatanggap ng paghatol ng mga salita ng Diyos, hindi tayo dapat matakot sa pagdurusa, ni hindi tayo dapat matakot sa sakit, at mas lalo nang hindi tayo dapat matakot na tumagos sa ating mga puso ang mga salita ng Diyos. Dapat ay basahin natin ang iba pa Niyang mga pahayag tungkol sa kung paano Niya tayo hinahatulan at kinakastigo at inilalantad ang ating mga tiwaling diwa. Kailangan nating basahin ang mga ito at mas sundin pa ang mga ito. Huwag nating ikumpara ang iba sa mga ito—ikumpara natin ang ating sarili sa mga ito. Hindi tayo nagkukulang sa kahit isa sa mga bagay na ito; kaya nating tapatang lahat ito. Kung hindi ka naniniwala rito, humayo ka’t danasin ito mismo. Matapos basahin ang mga

salita ng Diyos, walang kakayahan ang ilang tao na iangkop ang mga iyon sa kanilang sarili; akala nila ay hindi tungkol sa kanila ang mga bahagi ng mga salitang ito, kundi sa halip ay tungkol sa ibang mga tao. Halimbawa, kapag inilalantad ng Diyos ang mga tao bilang masasamang babae at mga kalapating mababa ang lipad, nadarama ng ilang kapatirang babae na dahil naging tapat na tapat sila sa kanilang asawa, malamang na hindi tumutukoy sa kanila ang gayong mga salita; nadarama ng ilang kapatirang babae na dahil wala silang asawa at hindi pa nakipagtalik kailanman, malamang na hindi rin tungkol sa kanila ang gayong mga salita. Nadarama ng ilang kapatirang lalaki na para lamang sa mga babae ang mga salitang ito, at walang kinalaman sa kanila; naniniwala ang ilang tao na napakasamang pakinggan ang mga salitang iyon ng Diyos, at ayaw nilang tanggapin ang mga iyon. Mayroon pang mga taong nagsasabi na sa ilang pagkakataon, mali ang mga salita ng Diyos. Ito ba ang tamang saloobin sa mga salita ng Diyos? Hindi kaya ng mga tao na magmuni-muni tungkol sa kanilang sarili batay sa mga salita ng Diyos. Dito, ang “masasamang babae” at “mga kalapating mababa ang lipad” ay tumutukoy sa katiwalian at kawalan ng delikadesa ng mga tao. Lalaki man o babae, may-asawa o wala, lahat ay may taglay na katiwalian ng kawalan ng delikadesa—kaya paano ito mawawalan ng kinalaman sa iyo? Inilalantad ng mga salita ng Diyos ang mga tiwaling disposisyon ng mga tao; lalaki man o babae, pareho ang antas ng katiwalian ng tao. Hindi ba totoo ito? Bago gumawa ng iba pang bagay, dapat nating matanto na kailangan nating tanggapin ang bawat isa sa mga salitang sinambit ng Diyos, masarap mang pakinggan ang mga ito o hindi at nasasaktan man tayo o nasisiyahan. Iyon ang saloobing dapat nating taglayin sa mga salita ng Diyos. Anong uri ng saloobin ito? Ito ba ay isang saloobing makadiyos, isang saloobing mapagpasensya, o isang saloobing tumatanggap ng pagdurusa? Sinasabi Ko sa inyo na hindi ito anuman sa mga ito. Sa ating pananampalataya, kailangan nating matatag na panindigan na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan. Dahil ang mga ito nga ang katotohanan, dapat nating tanggapin ang mga ito nang makatwiran. Kinikilala o inaamin man natin ito

o hindi, dapat ay lubos na tanggapin ang mga salita ng Diyos. Bawat isang linya ng mga salita ng Diyos ay nauukol sa isang partikular na kalagayan. Ibig sabihin, wala sa mga linya ng Kanyang mga pahayag ang tungkol sa mga panlabas na hitsura, lalo na tungkol sa mga patakarang panlabas o sa isang simpleng klase ng pag-uugali sa mga tao. Hindi ganoon ang mga iyon. Kung sa tingin mo ay tungkol sa simpleng klase ng pag-uugali ng tao o panlabas na hitsura ang bawat linyang binigkas ng Diyos, wala kang espirituwal na pang-unawa at hindi mo nauunawaan kung ano ang katotohanan. Malalim ang mga salita ng Diyos. Paano naging malalim ang mga ito? Lahat ng sinasabi ng Diyos, lahat ng inihahayag Niya, ay tungkol sa mga tiwaling disposisyon ng mga tao, at sa mga bagay na matibay at malalim na nakaugat sa kanilang buhay. Mahalaga ang mga bagay na ito, hindi mga panlabas na hitsura, at lalo nang hindi mga pag-uugali sa labas.

Hinango mula sa “Ang Kahalagahan ng Paghahabol sa Katotohanan at ang Landas ng Paghahabol Dito” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung uunawain ng mga tao ang kanilang mga sarili, dapat nilang unawain ang tunay nilang mga katayuan. Ang pinakamahalagang aspeto ng pag-unawa sa sariling katayuan ng isa ay ang magkaroon ng pagtangan sa sariling mga kaisipan at mga ideya. Sa bawa’t sakop ng panahon, ang mga kaisipan ng mga tao ay pigil ng isang pangunahing bagay. Kung nagagawa mong kontrolin ang pag-iisip mo, nagagawa mong kontrolin ang bagay na nasa likod ng mga ito. Hindi nakokontrol ng mga tao ang mga kaisipan at ideya nila, ngunit kailangan nilang malaman kung saan nagmumula ang mga kaisipan at ideyang ito, ano ang mga motibo sa likod ng mga ito, paano nabubuo ang mga kaisipan at ideyang ito, ano ang kumokontrol sa kanila, at ano ang kalikasan nila. Kapag nagbago na ang iyong disposisyon, ang iyong mga kaisipan at ideya, ang mga hangarin ng iyong puso, at mga pananaw mo tungkol sa tunguhin—na nabuo mula sa mga bahagi mo na nabago na—ay mag-iiba. Yaong mga kaisipan at ideyang nanggagaling sa mga bahagi mo na hindi pa nagbago, ang mga bagay na hindi mo malinaw na nauunawaan, at ang mga bagay na hindi

mo pa napapalitan ng mga karanasan sa katotohanan ay marurumi, madudungis, at pangit. Ang mga tao ngayon, na ilang taon nang nakaranas ng gawain ng Diyos, ay may kaunting pagkaunawa at kamalayan sa mga bagay na ito. Hindi pa nauunawaan ng mga nakaranas na ng gawain ng Diyos sa loob ng maikling panahon ang mga bagay na ito; hindi pa ito malinaw sa kanila. Hindi nila alam kung nasaan ang kanilang kahinaan o kung saang parte sila madaling babagsak. Hindi ninyo alam sa kasalukuyan kung anong klaseng tao kayo, at kahit bahagyang nakikita ng ibang tao kung anong klaseng tao kayo, hindi ninyo iyon nararamdaman. Hindi ninyo malinaw na natutukoy ang mga karaniwang kaisipan o intensyon ninyo, at hindi ninyo malinaw na nauunawaan kung ano ang diwa ng mga bagay na ito. Habang lalo mong nauunawaan ang isang aspeto, lalo kang magbabago sa aspetong iyon; sa gayon, ang mga bagay na ginagawa mo ay magiging alinsunod sa katotohanan, matutugunan mo ang mga hinihingi ng Diyos, at magiging mas malapit ka sa Kanyang kalooban. Sa paghahangad lamang sa ganitong paraan ka magtatamo ng mga resulta.

Hinango mula sa “Ang Mga Taong Gumagawa ng Palagiang Paghingi sa Diyos ang Pinaka-hindi-makatwirang Mga Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Anumang oras o lugar, at anuman ang ating kapaligiran, nakikilala natin ang ating sarili, nahihimay at nauusisa ang ating sarili—at nagagawa nating ituring ang mga bagay na ito bilang una nating priyoridad. Kung gagawin natin ito, tiyak na aani tayo ng gantimpala, at tiyak na makagagawa tayo ng unti-unting pag-unlad sa usapin ng pagkilala sa ating sarili, at, sa paggawa natin nito, maisasagawa natin ang katotohanan, magkakaroon ng mas higit pang katotohanan, at ang katotohanan ng mga salita ng Diyos ay darating pa upang maging buhay natin. Gayunpaman, kung wala ka talagang pagpasok sa usapin ng pagkilala sa iyong sarili, ang pagsasagawa mo ng katotohanan ay magiging huwad kung gayon, sapagkat ikaw ay nalinlang ng maraming panlabas na pangyayari. Marahil pakiramdaman mong bumuti ang iyong pag-uugali, na mas magiliw ka

kaysa dati, mas mapagbigay sa iba, mas mapagparaya at matiisin sa iba, mas mapagpatawad sa iba; kaya sa tingin mo ay isa ka nang dakila, walang bahid na ispesimen, na nagtataglay ng karaniwang sangkatauhan. Gayunpaman, mula sa pananaw ng Diyos, mananatili kang napakalayo sa Kanyang mga pamantayan at kinakailangan. Ipinapakita nito na hindi natin alam kung kalian tayo tunay na nagsasagawa ng katotohanan, at kung kailan hindi talaga natin ito isinasagawa, ngunit nagbago lamang nang kaunti sa ating panlabas na pag-uugali. Maraming mga tao ngayon ang nagpapalagay na ang kanilang buhay sa simbahan ay normal, na nakakasundo nila ang kanilang mga kapatid na may pagpaparaya sa isa't isa at maganda ang pagsasama. Sa palagay nila ay makakasundo nila ang sinuman, nang hindi nag-aaway, at anuman ang mangyari, magagawa nilang magpasensya at gawin ang tamang pakikitungo. Sa palagay nila na ang kanila ring espiritwal na buhay, ay lalong normal, at masigasig sila sa kanilang pagbabasa ng mga salita ng Diyos, at may puso ng pagpipitagan sa Kanya—pero ang mga pananaw nila sa maraming bagay ay nananatiling taliwas sa katotohanan at laban sa Diyos. Sapat na ito upang maipakitang hindi pa nila nakakamit ang katotohanan. Samakatuwid, sa usapin ng pagkilala sa bawat aspekto ng ating sarili, dapat nating hanapin ang katotohanan, at maghanap para palalimin ang ating kaalaman sa sarili.

Hinango mula sa "Makikilala Mo ang Iyong Sarili sa Pamamagitan Lamang ng Pagkilala sa Iyong mga Maling Pananaw" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang susi sa pagmumuni-muni-sa-sarili at pagkilala sa iyong sarili ay ito: Kapag mas nararamdaman mong nakagawa ka ng mabuti sa ilang tukoy na larangan o nagawa ang tama, at kapag mas naiisip mong nabibigyang-kasiyahan mo ang kalooban ng Diyos o kaya mong magmalaki sa ilang aspeto, mas karapat-dapat para sa iyo na kilalanin ang iyong sarili sa mga larangang iyon at mas karapat-dapat para sa iyo na saliksikin pang mabuti ang mga iyon para makita kung anong mga karumihan ang naroon sa iyo, at kung anong mga bagay sa iyo ang hindi makakapagbigay-kasiyahan sa kalooban ng Diyos. Gawin nating

halimbawa si Pablo. Si Pablo ay lubhang maalam na tao, at dumanas siya ng maraming paghihirap sa kanyang pangangaral. Siya ay minahal nang lubos ng maraming tao. Bilang resulta, pagkatapos niyang makumpleto ang maraming gawain, ipinagpalagay niya na magkakaroon ng nakalaan na korona para sa kanya. Dahil dito, lalo't lalo niyang natahak ang maling landas, hanggang sa huli ay pinarusahan siya ng Diyos. Kung pinagnilayan at sinuri niya nang husto ang kanyang sarili noong panahong iyon, hindi niya sana naisip iyon. Sa madaling salita, hindi nagtuon si Pablo sa paghahanap ng katotohanan sa mga salita ng Panginoong Jesus; naniwala lamang siya sa mga sarili niyang pagkaunawa at haka-haka. Inakala niya na hangga't gumagawa siya ng ilang mabubuting bagay at nagpapakita ng magandang asal, pupurihin siya at gagantimpalaan ng Diyos. Sa huli, binulag ng mga sarili niyang pagkaunawa at guni-guni ang kanyang espiritu at tinakpan ng mga ito ang tunay niyang mukha. Gayunpaman, hindi ito alam ng mga tao, at dahil hindi ito nailantad ng Diyos, patuloy nilang itinakda si Pablo bilang isang pamantayang dapat abutin, isang halimbawa sa pamumuhay, at itinuring nila siya na siyang hinahangad nilang maging katulad at bilang pakay ng kanilang pagsisikap, at bilang isang taong dapat tularan. Ang kuwentong ito tungkol kay Pablo ay nagsisilbing babala para sa lahat ng nananalig sa Diyos, na tuwing nadarama natin na may nagawa tayong talagang maganda, o naniniwala tayo na talagang may talento tayo sa isang bagay, o iniisip natin na hindi natin kailangang magbago o mapakitunguhan sa isang bagay, dapat nating sikaping magnilay at kilalanin ang ating sarili sa aspetong iyon; napakahalaga nito. Ito ay dahil talagang hindi mo pa natutuklasan, napapansin, o nasusuri ang mga aspeto ng iyong sarili na pinaniniwalaan mo na maging mabuti, upang tingnan kung talagang mayroon o walang anuman doon na kumakalaban sa Diyos.

Hinango mula sa "Makikilala Mo ang Iyong Sarili sa Pamamagitan Lamang ng Pagkilala sa Iyong mga Maling Pananaw" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang pagkilala sa ating sarili ay ang pagkilala sa mga bagay na nasa

isipan natin at mga pananaw na taliwas sa Diyos, na hindi tugma sa katotohanan, at hindi nagtataglay ng katotohanan. Ang pagmamataas ng tao, pagmamagaling, mga kasinungalingan, at panlilinlang, halimbawa, ay mga aspeto ng isang tiwaling disposisyon na madali para sa mga tao na alamin. Makakakuha ka ng kaunting kaalaman tungkol sa mga ito sa pamamagitan lamang ng pagbabahagi ng katotohanan nang ilang beses, o pagbabahagi nang madalas, o sa pamamagitan ng pagpuna ng iyong mga kapatid sa iyong kalagayan. Bilang karagdagan, lahat ay mayroong pagmamataas at panlilinlang, bagama't sa magkakaibang antas. Subalit, ang mga iniisip ng tao at mga pananaw ay hindi madaling alamin; hindi sila kasing dali ng pag-alam sa disposisyon ng tao. Ito ay mga bagay na malalalim ang pinagmumulan. Samakatuwid, kapag natamo mo ang kaunting pagbabago sa iyong pag-uugali at panlabas na asal, marami pa ring mga aspeto ng iyong pag-iisip, mga palagay, mga pananaw, at ang edukasyon ng mga kulturang tradisyonal na natanggap mo na taliwas sa Diyos at hindi mo pa natutuklasan. Ito ang mga malalalim na bagay na nagbubunga sa ating pagkapoot sa Diyos. Samakatuwid, kapag may ginawa ang Diyos na salungat sa iyong mga palagay, o isang bagay na iba sa iniisip mong gagawin ng Diyos, lalaban ka at tututol dito. Hindi mo maiintindihan kung bakit ganito ang ginawa ng Diyos, at, kahit alam mong may katotohanan sa lahat ng ginagawa ng Diyos at naisin mo mang magpasakop, mapapansin mong hindi mo ito kayang gawin. Bakit hindi mo kayang magpasakop? Ano’ng dahilan ng paglaban at pagtutol na ito? Ang dahilan ay may mga bagay na iniisip ang tao at mga pananaw na lumalaban sa Diyos, at lumalaban sa mga prinsipyo sa likod ng Kanyang mga kilos at sa Kanyang pinakadiwa. Ang mga kaisipan at pananaw na ito ay mahirap para sa tao na malaman.

Hinango mula sa “Makikilala Mo ang Iyong Sarili sa Pamamagitan Lamang ng Pagkilala sa Iyong mga Maling Pananaw” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Bawat bagay na umiiral sa ating puso ay salungat sa Diyos. Kabilang dito ang mga bagay na sa palagay natin ay mabuti, at maging yaong mga

pinaniniwalaan na nating positibo. Nailista na natin ang mga bagay na ito bilang mga katotohanan, bilang bahagi ng normal na pagkatao, at bilang mga positibong bagay; gayunpaman, sa pananaw ng Diyos, ito ay mga bagay na Kanyang kinapopootan. Hindi masusukat ang agwat sa pagitan ng iniisip natin at ng katotohanang sinasambit ng Diyos. Kaya, dapat nating kilalanin ang ating sarili. Mula sa ating mga ideya, pananaw, at kilos hanggang sa natanggap nating edukasyong pangkultura, bawat bagay ay nararapat na pakasaliksikin at lubos na suriin. Ilan sa mga bagay na ito ay mula sa kapaligirang panlipunan, ilan ay mula sa mga pamilya, ilan ay mula sa edukasyong natamo sa paaralan, at ilan ay mula sa mga aklat. Ang ilan ay mula rin sa ating mga guni-guni at pagkaunawa. Ang ganitong mga bagay ang pinakanakakatakot, sapagka't ginagapos at pinipigilan ng mga ito ang ating mga salita at kilos, pinangingibabawan ang ating mga isipan, at ginagabayan ang mga motibo, layunin, at mithiin natin sa ating mga ginagawa. Kung hindi natin tutuklasin ang mga bagay na ito, hindi natin kailanman lubos na tatanggapin ang mga salita ng Diyos sa ating kalooban, at hindi natin kailanman tatanggapin nang walang pag-aatubili ang mga ipinagagawa ng Diyos at isasagawa ang mga ito. Hangga't nagkikimkim ka ng mga sarili mong ideya at pananaw, at matitibay na paniniwala sa mga bagay na pinaniniwalaan mong tama, hindi mo kailanman tatanggapin ang mga salita ng Diyos nang ganap o walang pag-aalinlangan, ni isasabuhay ang mga ito sa orihinal nilang anyo; tiyak na isasabuhay mo lamang ang mga ito matapos mong pagbulayan ang mga ito sa iyong isipan. Ganito mo gagawin ang mga bagay-bagay, at ito rin ang magiging paraan mo para tulungan ang iba: Maaari ka pa ring magbahagi tungkol sa mga salita ng Diyos, ngunit palagi mo itong mahahaluan ng mga sarili mong dumi, at iisipin mong ito ang ibig sabihin ng pagsasagawa ng katotohanan, na naunawaan mo na ang katotohanan, at na taglay mo na ang lahat. Hindi ba't kaawa-awa ang kalagayan ng tao? Hindi ba nakakatakot ito? Hindi sapat ang isa o dalawang salita para sabihin ang mga bagay na ito sa kanilang kabuuan, o upang gawing malinaw ang mga ito. Mayroon, syempreng, maraming iba pang mga bagay sa buhay, tulad

ng higit sa isang daang lason ni satanas na nabuod kanina. Nauunawaan mo ang mga salita, ngunit paano mo susukatin ang iyong sarili sa mga ito? Nagawa mo na bang pagtuunan ang pagmuni-muni sa sarili? Hindi ba't may bahagi ka rin sa mga lasong ito? Sinasalamin rin nila kung paano ka mag-isip, hindi ba? Kapag gumagawa ka ng mga bagay-bagay, hindi ka rin ba umaasa sa mga lasong ito? Kailangan mong maghukay nang malalim sa personal mong karanasan, at sukatin ito laban sa mga salitang iyon. Kung panandalian lamang nating babasahin o susulyapan ang listahan ng mga lason ni Satanas at pagkatapos ay isusulat ito, walang pag-iisip lamang na babasahin ang mga salita ng Diyos, hindi naiuugnay sa katotohanan ang mga iyon o nakikita ang totoong nating kalagayan at sumusunod lamang sa nakasulat at mga patakaran ng mga salita ng Diyos sa ang ating pagsasagawa habang ipinapalagay na nagsasagawa tayo ng katotohanan—ganito ba iyon kasimple? Ang mga tao ay may buhay: Lahat sila ay may mga saloobin, at ang mga bagay sa loob ng kanilang mga saloobin ay nag-uugat sa kanilang mga puso. Kapag kumilos ang isang tao, siguradong lilitaw ang mga bagay na ito, sapagkat sila ay naging buhay na ng taong iyon. Samakatuwid, sa bawat bagay na ginagawa mo, mayroong pananaw at prinsipyong namamahala kung paano mo ito ginagawa, na pinapatnubayan ang iyong paraan. Kapag kumikilos ka, malalaman mo kung mayroong mga gayon o wala sa loob mo. Ngayon, syempre, habang sinusuri mo ang iyong mga saloobin at pananaw, pakiramdam mo ay parang wala naman doong pagkapoot sa Diyos; sa palagay mo ay totoo ka at tapat, higit pa sa handang gawin ang iyong tungkulin, may kakayahang magsakripisyo at gugulin ang sarili para sa Diyos, at ikaw ay medyo malakas sa bawat lugar. Ngunit, kung susubukin ba ng Diyos ang iyong kaginhawaan, o magpapagawa sa iyo ng gawain, o may gagawin ang Diyos na pangyayari sa iyo, paano mo iyon haharapin? Sa ganoong panahon, ang mga saloobin mo at pananaw ay hindi-mapigilang dadagsa palabas, na para bang nasira ang mga bakuran; hindi mo sila mapipigilan—wala sa iyong mga kamay—at, kamuhian mo man sila, palabas pa rin silang dadagsa, pagdagsa ng mga bagay na lahat ay

lumalaban sa Diyos. Kapag sinabi mo, “Bakit wala akong magawa dito? Ayokong labanan ang Diyos, kaya bakit ko gagawin ito? Ayokong magpataw ng paghatol sa Diyos, at ayokong magkaroon ng mga kuru-kuro sa kung ano ang Kanyang ginagawa, kaya paano ako magkakaroon ng gayong mga kuru-kuro?”—iyan ang panahong dapat mong pagsikapang kilalanin ang iyong sarili, suriin kung ano ang nasa loob mo na lumalaban sa Diyos, at kung ano sa loob mo ang may galit at lumalaban sa gawaing ginagawa Niya sa kasalukuyan.

Hinango mula sa “Makikilala Mo ang Iyong Sarili sa Pamamagitan Lamang ng Pagkilala sa Iyong mga Maling Pananaw” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Alin mang aspeto ng katotohanan ang sundin ng isang tao, ito man ay ang paghahangad na maging matapat, o pagsasanay sa sarili na sumuko sa Diyos, o ito man ay ang mahusay na pakikitungo sa kanyang mga kapatid, o pagkakaroon ng normal na pamumuhay, kaya ng isang taong tanggapin ang pagsasapamuhay ng mga ito sa bawat araw ng kanyang buhay, kung saan ang bawat katotohanan ay tumutukoy sa pananaw ng pagkakilala sa sarili. Hindi ba't may kaugnayan ang paghahangad na maging matapat sa pagkakilala sa sarili? Hindi ka maghahangad na maging matapat hangga’t hindi mo nauunawaan ang sarili mong panlilinlang at kawalan ng katapatan. Kapag napagtanto mong nabigo kang sundin ang Diyos, magagawa mo nang sumunod sa Kanya, o hanapin ang mga maaaring gawin upang sumunod sa Kanya. Kung hindi mo kilala ang sarili mo, anuman ang iyong sabihin tungkol sa iyong paghahangad na maging matapat o sa pagsuko sa Diyos ay walang saysay, sapagkat ang disposisyon ng tao ay tiwali, at walang aspeto ng katotohanan ang madaling isagawa, at ang bawat aspeto ay isinasagawa sa gitna ng tiwaling disposisyon ng tao. Sa iyong pagsasagawa ng anumang aspeto ng katotohanan, siguradong lalabas ang iyong tiwaling disposisyon, pipigil sa iyong paghahangad na maging matapat, hahadlang sa iyong pagsuko sa Diyos, at magpapahina ng iyong pasensya at pagtanggap sa iyong mga kapatid. Kung hindi mo ito kikilalanin, susuriin, at tutuklasin, at sa halip ay

aasa ka sa iyong mga inaakala upang isagawa ang katotohanan, ang iyong pagsasagawa ay hindi magiging tunay. Samakatuwid, anuman ang aspeto ng katotohanan na isinasagawa ng isang tao, o anuman ang ginagawa niya, dapat ay kilalanin muna niya ang kanyang sarili. Ang pagkilala sa iyong sarili ay pagkilala sa bawat salita at gawa, sa iyong bawat kilos at gawain; ito ay pagkilala sa iyong kaisipan at mga iniisip, sa iyong mga motibo, at sa iyong mga palagay at mga inaakala; maging ang pagkilala sa iyong mga pilosopiya para sa pamumuhay na mula sa sanlibutan, at ang sari-saring lason ni Satanas na nasa kalooban mo, pati na ang katotohan at karunungan na nakamit mo sa paaralan. Lahat ng mga bagay na ito ay dapat na suriin.

Hinango mula sa “Makikilala Mo ang Iyong Sarili sa Pamamagitan Lamang ng Pagkilala sa Iyong mga Maling Pananaw” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Mapeperpekto ng Diyos ang tao kapwa sa positibo at negatibong mga aspeto. Nakasalalay ito sa kung nagagawa mong makaranas, at kung hinahangad mong maperpekto ng Diyos. Kung tunay mong hinahangad na maperpekto ng Diyos, ang negatibo ay hindi ka magagawang dumanas ng kawalan, kundi maaaring maghatid sa iyo ng mga bagay na mas totoo, at magawa kang mas alam yaong wala sa iyong kalooban, mas nakauunawa sa iyong tunay na kalagayan, at nakikita na walang kahit ano ang tao, at balewala siya; kung hindi ka dumaranas ng mga pagsubok, hindi mo alam, at palagi mong madarama na nakahihigit ka sa iba at mas mahusay ka kaysa sa lahat ng iba pa. Sa lahat ng ito makikita mo na lahat ng dumating noon ay ginawa ng Diyos at protektado ng Diyos. Ang pagpasok sa mga pagsubok ay iniiwan kang walang pagmamahal o pananampalataya, kulang ka sa panalangin at hindi mo nagagawang umawit ng mga himno, at hindi mo namamalayan, sa gitna nito ay nakikilala mo ang iyong sarili. Maraming paraan ang Diyos para maperpekto ang tao. Ginagamit Niya ang lahat ng uri ng sitwasyon para pakitunguhan ang tiwaling disposisyon ng tao, at gumagamit ng iba’t ibang bagay upang ilantad ang tao; sa isang bagay, pinakikitunguhan Niya ang tao, sa isa pa ay inilalantad Niya ang

tao, at sa isa pa ay ibinubunyag Niya ang tao, hinuhukay at ibinubunyag ang “mga hiwaga” sa kaibuturan ng puso ng tao, at ipinakikita sa tao ang kanyang kalikasan sa pamamagitan ng paghahayag sa marami sa kanyang mga kalagayan. Pineperpekto ng Diyos ang tao sa pamamagitan ng maraming pamamaraan—sa pamamagitan ng paghahayag, pakikitungo, pagpipino, at pagkastigo sa tao—para malaman ng tao na ang Diyos ay praktikal.

Hinango mula sa “Yaon Lamang mga Nakatuon sa Pagsasagawa ang Mapeperpekto” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa isang banda, sa panahon ng mga pagsubok ng Diyos nalalaman ng tao ang kanyang mga kakulangan at nakikita na siya ay walang kabuluhan, kasuklam-suklam, at mababa, na siya ay walang anuman, at walang halaga; sa kabilang dako, sa panahon ng Kanyang mga pagsubok gumagawa ang Diyos ng iba’t ibang sitwasyon para sa tao kaya mas nararanasan ng tao ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos. Bagama’t ang pagdurusa ay matindi, at kung minsan ay hindi makayanan—hanggang sa antas ng nakapanlulumong pagdadalamhati—sa pagdanas nito, nakikita ng tao kung gaano kaibig-ibig ang gawain ng Diyos sa kanya, at sa pundasyong ito lamang nagkakaroon ang tao ng tunay na pagmamahal sa Diyos. Nakikita ngayon ng tao na kung may biyaya, pag-ibig, at awa lamang ng Diyos, wala siyang kakayahan na tunay na makilala ang sarili niya, at lalong hindi niya kayang malaman ang diwa ng tao. Sa pamamagitan lamang kapwa ng pagpipino at paghatol ng Diyos, at sa proseso ng pagpipino mismo, maaaring malaman ng tao ang kanyang mga kakulangan, at malaman na wala siyang anuman.

Hinango mula sa “Sa Pagdanas Lamang ng Masasakit na Pagsubok Mo Malalaman ang Pagiging Kaibig-ibig ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Hindi masamang mabigo at madapa nang maraming beses; gayundin ang malantad. Napangaralan ka man, tinabas, o nalantad, kailangan mong tandaan ito sa lahat ng oras: Hindi komo inilalantad ka ay isinusumpa ka na. Mabuting bagay ang malantad; ito ang pinakamagandang pagkakataon

para makilala mo ang iyong sarili. Maaari nitong baguhin ang karanasan mo sa buhay. Kung wala ito, hindi ka magkakaroon ng pagkakataon, ng kundisyon, ni ng konteksto para maunawaan mo ang katotohanan ng iyong katiwalian. Kung malalaman mo ang nasa iyong kalooban, lahat ng aspetong iyon na nakatago sa iyong kaibuturan na mahirap mapansin at matuklasan, mabuti iyan. Ang tunay na makilala ang iyong sarili ang pinakamagandang pagkakataon para mabago mo ang iyong mga pag-uugali at maging isa kang bagong tao; ito ang pinakamagandang oportunidad para magkaroon ka ng bagong buhay. Kapag tunay mong nakilala ang iyong sarili, makikita mo na kapag ang katotohanan ay naging buhay ng isang tao, mahalagang bagay iyon talaga, at mauuhaw ka sa katotohanan at papasok sa realidad. Napakagandang bagay niyan! Kung maaari mong samantalahin ang pagkakataong iyan at taimtim kang magninilay-nilay sa iyong sarili at magtatamo ng tunay na kaalaman tungkol sa iyong sarili tuwing ikaw ay mabibigo o madadapa, sa kabila ng pagiging negatibo at kahinaan, magagawa mong tumayong muli. Kapag nakaraan ka na sa pintuang ito, makakaya mo nang gumawa ng malaking hakbang at pumasok sa katotohanang realidad.

Hinango mula sa “Para Tamuhin ang Katotohanan, Dapat Matuto Ka Mula sa Mga Tao, Mga Pangyayari, at Mga Bagay sa Paligid Mo” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

45. Ang mga Prinsipyo ng Pagninilay-nilay sa mga Paglabag

(1) Kapag nakagagawa ng paglabag ang isang tao, huwag siyang hayaang pabayaan ang kanyang sarili na mawalan ng pag-asa, kundi maunawaan na kalooban ng Diyos na iligtas ang mga tao sa pinakaabot nang makakaya. Ang tunay na pagsisisi ang siyang pinakamahalaga;

(2) Kapag nakatutuklas ang isang tao ng paglabag, dapat siyang manalangin sa Diyos at, nang isinasaalang-alang ang Kanyang mga salita, magnilay-nilay at alamin ang diwa at pinagmulan ng paglabag, at kamuhian ang kanyang sarili at nang sa gayon makapagsisi;

(3) Hulihin ang diwa at pinagmulan ng paglabag at lutasin ito gamit

ang katotohanan. Hayaang ang pagsasagawa ng katotohanan ang pumalit sa paglabag, upang maiwasang bumalik sa mga dati mong nakagawian at magkasala sa disposisyon ng Diyos;

(4) Huwag magdusa na mapigilan ng iyong mga nakaraang paglabag. Hangga't hinahanap mo ang katotohanan, taos-pusong nagsisisi, at kumikilos alinsunod sa mga prinsipyo habang tinutupad mo ang iyong tungkulin, karapat-dapat ka pa ring iligtas ng Diyos.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Sa loob ng mahabang panahon, ang mga tao na naniniwala sa Diyos ay masugid nang nag-aasam ng isang magandang hantungan, at ang lahat ng mga naniniwala sa Diyos ay umaasa na biglang darating sa kanila ang mabuting kapalaran. Umaasa silang lahat na bago pa nila mamalayan ay masusumpungan nila ang mga sarili na payapang nakaluklok sa isang lugar o sa iba pang dako sa langit. Ngunit sinasabi Ko na ang mga taong ito, taglay ang magaganda nilang mga saloobin, ay hindi kailanman nakabatid kung sila ba ay naaangkop tumanggap ng ganoon kabuting kapalaran na nagmumula sa langit, o kaya ay maupo man lamang sa isang luklukan doon. Kayo, sa kasalukuyan, ay may mabuting kaalaman sa inyong mga sarili, ngunit umaasa pa rin kayo na matatakasan ninyo ang mga sakuna sa mga huling araw at ang kamay ng Makapangyarihan sa lahat kapag pinarusahan na Niya ang masasama. Tila ba ang pagkakaroon ng matatamis na pangarap at paghahangad sa mga bagay ayon sa kanilang kagustuhan ay isang karaniwang katangian ng lahat ng taong ginawang tiwali ni Satanas, at hindi bunga ng katalinuhan ng sinumang nag-iisang indibiduwal. Magkagayon pa man, hangad Ko pa ring wakasan ang inyong mga labis-labis na pagnanasa, gayundin ang inyong kasabikang magkamit ng mga pagpapala. Dahil napakarami ng inyong paglabag, at ang katunayan na patuloy na tumitindi ang inyong paghihimagsik, paano aakma ang mga bagay na ito sa inyong magagandang plano para sa hinaharap? Kung nais mong magpatuloy ayon sa iyong nais, na manatili sa kamalian nang walang pumipigil sa iyo, ngunit kasabay nito'y nais mo pa ring matupad ang mga pangarap mo, hinihimok

Kita, kung gayon, na magpatuloy sa iyong kawalang-ulirat at huwag nang gumising kailanman—sapagkat ang sa iyo ay isang hungkag na pangarap at sa harap ng matuwid na Diyos, hindi ka Niya gagawan ng pagtatangi. Kung nais mo lamang na matupad ang iyong mga pangarap, huwag kang mangarap kailanman; bagkus ay harapin mo magpakailanman ang katotohanan at ang mga katunayan. Ito ang tanging paraan upang mailigtas ka. Ano, sa tiyak na pananalita, ang mga hakbang ng pamamaraang ito?

Una, tingnan mo ang lahat ng paglabag mo, at suriin ang anumang asal at mga saloobin mo na hindi umaayon sa katotohanan.

Ito ay isang bagay na madali mong magagawa, at naniniwala Ako na kaya itong gawin ng lahat ng matatalinong tao. Gayunman, yaong mga hindi kailanman nakaaalam kung ano ang kahulugan ng paglabag at katotohanan ay mga di-kabilang, sapagkat sa pangunahing antas ay hindi sila matatalinong tao. Nakikipag-usap Ako sa mga taong sinang-ayunan ng Diyos, matatapat, hindi lubhang lumabag sa anumang mga atas administratibo, at madaling makabatid ng kanilang mga paglabag. Bagama't ito ay isang bagay na hinihingi Ko sa inyo, at madali ninyong matutupad, hindi lamang ito ang bagay na hinihingi Ko sa inyo. Ano't anuman, umaasa Ako na hindi ninyo lihim na pagtatawanan ang hinihingi Kong ito, at lalong hindi ninyo ito mamaliitin o hahamakin. Seryosohin ninyo ito, at huwag itong ipagwalang-bahala.

Ikalawa, para sa bawat paglabag at pagsuway mo, dapat kang humanap ng isang katumbas na katotohanan, at pagkaraan ay gamitin ang mga katotohanang ito upang lutasin ang mga usaping iyon. Kasunod niyan, palitan mo ang iyong mapanlabag na mga kilos at masuwaying mga saloobin at mga kilos ng pagsasagawa ng katotohanan.

Ikatlo, dapat kang maging isang matapat na tao, hindi isang laging tuso at laging mapanlinlang. (Dito ay muli Kong hinihingi sa inyo na maging isang matapat na tao.)

Kung matutupad mong lahat ang tatlong bagay na ito, isa ka sa mapapalad—isang tao na natutupad ang mga pangarap at tumatanggap ng

mabuting kapalaran. Marahil ay ituturing ninyong seryoso ang tatlong hindi kahali-halinang kahilingang ito, o marahil ay ituturing ninyo nang walang pananagutan ang mga ito. Ano't anuman, ang Aking layunin ay ang tuparin ang inyong mga pangarap at maisagawa ang inyong mga mithiin, hindi ang pagtawanan kayo o gawin kayong hangal.

Hinango mula sa "Ang mga Paglabag ay Magdadala sa Tao sa Impiyerno" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Hindi mo pinagsisikapan ang katotohanan, ni hindi mo ito isinasagawa, at wala kang pagmamahal para sa mga positibong bagay; bunga nito, kapag nakakatagpo ka ng bagay na may kinalaman sa iyong sariling reputasyon at mga kinawiwilihan, nagiging negatibo ka at nagbibigay-pansin lamang sa kung ano ang iniisip ng mga tao ukol sa iyo at kung paano ka makikinabang. Hindi ka man lang nagninilay sa sarili kung bakit nagagawa mong maging ganoon kanegatibo o kung bakit pinili mo ang karangalan at mga pansariling interes higit sa lahat. Ano ba talaga ang suliranin dito? Isang paglabag ang hindi magsagawa ayon sa katotohanan kapag may lumilitaw na problema; kapag may ikalawang problemang lumitaw, kung hindi ka pa rin nagsasagawa alinsunod sa katotohanan at pinipili mong hindi isagawa ang katotohanan upang pangalagaan ang iyong mga interes at ingatan ang lahat ng aspeto ng iyong sarili, kung gayon ang iyong paglabag ay darami, at ano ang iyong kahihinatnan? Malinaw itong makikita: Lahat ng mga paglabag mong ito, kasama ang iyong mga pagpili, mga pinagsisikapan, at iyong mga pansariling pagnanasa, at gayundin ang mga direksyon at landas na pinipili mo kapag ikaw ay gumagawa ng aksyon—ang lahat ng mga bagay na ito, kung pagsasama-samahin, ay nangangahulugang dapat kang mauwi sa impiyerno. Hindi ba ito isang mahalagang bagay? Kapag pinagsama-sama, ang lahat ng mga pagsuway na ito ay katumbas ng isang masamang gawain. Pinagninilayan ng ibang mga tao ang mga suliraning kinakaharap nila nang puspusan; ang iba naman ay hindi talaga pinagninilayan ang mga ito, ni hindi sila nagdarasal, at kapag ang mga pinagsisikapan o pagpili nila ay lihis o laban sa

katotohanan, hindi sila humaharap sa Diyos, kundi tinitingnan ang kanilang mga suliranin nang may matigas na puso at pinipiling tumakas, iniisip na, “Nakatakas na ako sa mga mata ng mga tao at hindi ko nakikita ang Diyos sa paligid. Wala akong pakialam kung alam ng Diyos ang ginawa ko o hindi. Hangga’t ang mga interes ko ay naiingatan, kung gayon ay naging mabuti ang paglutas ng problema para sa akin. Sa lahat ng bagay, ang mga personal kong interes ay nauuna.” Sa huli, sa halip na sundin ang daan ng Diyos o ipagtanggol ang mga interes ng bahay ng Diyos, pinipili nilang pangalagaan ang kanilang mga sarili. Hindi ba ito paglabag? Makikita nang malinaw na ito nga ay isang paglabag.

Hinango mula sa “Ang Pinakamahalagang Bahagi ng Paniniwala sa Diyos ay ang Pagsasagawa ng Katotohanan” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Minsan, matapos ang isang gawain, nakararamdam ka ng kaunting pagkabalisa sa iyong puso. Sa masusing pagsisiyasat, nalalaman mong mayroon talagang problema. Dapat itong iwasto, pagkaraan ay makararamdam ka ng kaginhawaan. Ang iyong pagkabalisa ay nagpapatunay na may isang suliranin na kailangan mong paglaanan ng dagdag na oras at dapat mong bigyang pansin nang mabuti. Ito ay isang seryoso, responsableng pag-uugali sa pagganap ng tungkulin. Kapag ang isang tao ay makakayang maging seryoso, responsable, nakalaan, at masipag, magagawa nang maayos ang gawain. Minsan, wala kang gayong puso, at hindi ka makahanap o makatuklas ng isang pagkakamali na mas malinaw pa sa araw. Kung magtataglay ng ganoong puso ang isang tao, kasama ng paghihikayat at patnubay ng Banal na Espiritu, magagawa nilang tukuyin ang usapin. Ngunit kung ginabayan ka ng Banal na Espiritu at binigyan ka ng gayong kamalayan, tinutulutan kang maramdaman na may bagay na mali, ngunit wala ka naman ng gayong puso, hindi mo pa rin kakayaning tukuyin ang suliranin. Kaya, ano ang ipinakikita nito? Ipinakikita nito na napakahalaga na nakikipagtulungan ang mga tao; napakahalaga ng kanilang mga puso, at napakahalaga kung saan sila nagtutuon ng kanilang mga kaisipan at layunin. Nagsisiyasat ang Diyos at nakakayang makita

kung ano ang kinikimkim ng mga tao sa kanilang puso kapag tumutupad sila sa kanilang tungkulin, at kung gaanong lakas ang iniuukol nila.Napakahalaga na iniuukol ng mga tao ang kanilang buong puso at lakas sa kanilang ginagawa. Napakahalagang sangkap din ng pakikipagtulungan. Tanging sa pagsisikap ng mga tao na walang pagsisihan tungkol sa mga tungkuling kanilang naisagawa at mga bagay na kanilang nagawa, at hindi magkaroon ng pagkakautang sa Diyos, makakikilos sila nang buong at lakas. Kung hindi mo ibinibigay ngayon ang iyong buong puso at lakas, sa gayon, kapag may nangyaring mali kalaunan, at may mga kinahinatnan, hindi ba magiging huli na para sa mga pagsisisi? Habambuhay ka nang may pagkakautang, at iyan ay magiging batik sa iyo! Ang batik sa pagsasagawa ng tungkulin ay isang paglabag. Dapat mong sikaping gawin nang nararapat ang bahagi ng mga bagay na dapat at kailangan mong gawin nang buong puso at lakas. Hindi dapat ginagawa ang mga bagay na iyon nang walang ingat at walang interes; hindi ka dapat magkaroon ng mga pagsisisi. Sa ganitong paraan, ang mga tungkuling ginagawa mo ngayon ay matatandaan ng Diyos. Yaong mga bagay na natatandaan ng Diyos ay magagandang gawa. Ano, kung gayon, ang mga bagay na hindi natatandaan? Ang mga paglabag. Maaaring hindi tanggapin ng mga tao na masasamang gawa ang mga ito kung inilalarawan ang mga ito nang gayon sa ngayon, ngunit kapag dumating ang araw na may malubha nang kahihinatnan sa mga bagay na ito, at naging negatibong impluwensiya ang mga ito, kung gayon ay madarama mo na ang mga bagay na ito ay hindi lamang mga paglabag sa pag-uugali bagkus ay masasamang gawa. Kapag napagtanto mo ito, magsisisi ka, at iisipin sa sarili: dapat ay pinili ko nang umiwas! Kung bahagya ko man lamang napag-isipan at napagsikapan, hindi ko sana kinakaharap ang suliraning ito. Walang makabubura ng walang-hanggang batik na ito sa iyong puso, at magiging dahilan ito ng gulo kung ilalagay ka nito sa palagiang pagkakautang. Kaya, ngayon, sa tuwing ginagampanan mo ang iyong tungkulin, o tumatanggap ng isang gawain, dapat ninyong sikaping gampanan ito nang buong lakas at buong puso ninyo. Dapat ninyong

gampanan ito nang malaya kayo sa pagkakasala at panghihinayang, upang ito ay matandaan ng Diyos, at isa itong mabuting gawa. Huwag kumilos nang pabaya at walang interes, na bukas ang isang mata at nakapikit ang isa; pagsisisihan ninyo ito, at hindi makagagawa ng mga pagtitika. Ito ang bubuo sa paglabag, at sa huli, sa inyong puso, lalaging may pagkakasala, pagkakautang, at pagpaparatang. Alin sa dalawang landas na ito ang pinakamahusay? Aling landas ang tamang daan? Ginagampanan ang iyong tungkulin nang buong puso at lakas, at naghahanda at nagtitipon ng mabubuting gawa, nang walang anumang pagsisisi. Huwag hayaang maipon ang inyong mga paglabag, pagsisihan ang mga ito, at mahulog sa pagkakautang. Anong mangyayari kapag ang isang tao ay nakagawa ng napakaraming paglabag? Dinadagdagan nila ang galit ng Diyos sa kanila sa Kanyang presensya! Kung lumabag ka nang lumabag, at higit na tumindi ang poot ng Diyos sa iyo, sa huli, ikaw ay parurusahan.

Hinango mula sa “Paano Lulutasin ang Suliranin ng Pagiging Pabaya at Kawalang ng Sigla Habang Gumaganap sa Iyong Tungkulin” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

May ilang mga tao na nakagawa ng maliit na pagkakasala ang magpapalagay: Pababagsakin ba ako ng Diyos? Ang Diyos ay hindi naparito sa panahong ito upang pabagsakin ang mga tao, nguni’t sa halip ay upang iligtas ang mga tao sa pinakamalaking lawak na posible. Sino ang lubos na malaya mula sa mga pagkakamali? Kung ang lahat ay pababagsakin, sa gayon paano ito matatawag na kaligtasan? Ilang mga pagkakasala ang ginagawa nang sadya at ang ibang mga pagkakasala ay ginagawa nang hindi sinasadya. Sa mga bagay na hindi sinasadya, maaari kang magbago matapos mong aminin ang mga yaon, kaya pababagsakin ka ba ng Diyos bago ka magbago? Ganito ba kung paano inililigtas ng Diyos ang mga tao? Hindi ganoon! Hindi alintana kung ikaw ay nagkakasala nang hindi sinasadya o dahil sa suwail na kalikasan, tandaan lamang: Magmadali at gumising sa realidad! Sumulong ka; anuman ang sitwasyong dumarating, dapat kang sumulong. Ang Diyos ay gumagawa

upang iligtas ang mga tao at hindi Niya sapalarang pababagsakin ang mga taong nais Niyang iligtas. Hindi alintana ang antas ng iyong pagpapabago, kung sakali mang pinabagsak ka ng Diyos sa katapusan, kung gayon tiyak na gagawin Niya ito sa pagkamatuwid; kapag dumating ang panahong iyon, ipauunawa Niya ito sa iyo. Sa ngayon ang tanging responsibilidad mo ay ang sumulong, hanapin ang pagpapabago at hanapin na mabigyang-kasiyahan ang Diyos; dapat mo lamang na pagmalasakitan ang pagtupad ng iyong tungkulin ayon sa kalooban ng Diyos. Walang pagkakamali rito! Sa kasukdulan, anuman ang pamamaraan kung paano ka pinakikitunguhan ng Diyos, palagi itong ginagawa sa pagkamatuwid; hindi ka dapat magduda rito o mag-alala tungkol dito; kahit na hindi mo nauunawaan ang pagkamatuwid ng Diyos sa ngayon, darating ang araw na ikaw ay makukumbinsi. Ang Diyos ay tiyak na hindi tulad ng isang opisyal ng gobyerno o ng hari ng mga dyablo! Kapag inyong maingat na sinubukang unawain ang aspetong ito, sa gayon kayo sa huli ay matatag na maniniwala na ang gawain ng Diyos ay ang pagliligtas ng mga tao at pagpapabago sa mga disposisyon ng mga tao. Yamang ito ay ang gawain ng pagpapabago ng mga disposisyon ng mga tao, kapag ang mga tao ay hindi ibinunyag ang kanilang mga disposisyon, sa gayon ay walang maaaring magawa at walang magiging mga resulta. Subali't matapos mong maibunyag ang iyong disposisyon, ang pagpapatuloy ay magiging magulo, ito ay makakasiphayo sa administratibong mga atas at makakasakit sa Diyos. Paminsan-minsan hindi mo namamalayang ikaw ay nagiging talipandas at itinuturo sa iyo ito ng Diyos, pinupungusan ka, at pinakikitunguhan ka; kung gagawa ka nang mas mahusay, hindi ka papapanagutin ng Diyos. Ito ang normal na proseso ng pagpapabago; ang tunay na kabuluhan ng gawain ng pagliligtas ay ipinakita sa ganitong proseso. Ito ang susi!

Hinango mula sa "Ang Kalooban ng Diyos ay Iligtas ang Mga Tao Hangga't Maaari" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Hangga't mayroon kayong katiting na pag-asa, ngayon, kung gayon

naaalala man o hindi ng Diyos ang mga nakaraang pangyayari, anong klaseng pag-iisip ang dapat ninyong mapanatili? "Kailangan kong hangaring baguhin ang aking disposisyon, hangaring makilala ang Diyos, huwag nang magpaloko kay Satanas kailanman, at huwag nang gumawa muli ng anumang magdadala ng kahihiyan sa pangalan ng Diyos kailanman." Anong mga pangunahing aspeto ang tumutukoy kung maaaring maligtas ang mga tao at kung mayroon ba silang anumang pag-asa? Pagkatapos makinig sa isang sermon, ang pinakamahalagang bagay ay kung kaya mong maunawaan ang katotohanan o hindi, kung kung kaya mong isagawa ang katotohanan o hindi, at kung kaya mong magbago o hindi. Ito ang mga pangunahing aspeto. Kung nakararamdam ka lang ng matinding panghihinayang, at kapag ang mga bagay ay ginagawa mo lang sa paraang nais mo, sa paraang gaya ng dati, hindi lamang hindi naghahanap ng katotohanan, nakakapit pa rin sa mga lumang pananaw at kasanayan, at hindi lamang lubos na walang pag-unawa, ngunit sa halip ay lumalala pa nang lumalala, kung gayon ay mawawalan ka ng pag-asa, at dapat nang tanggalin sa listahan. Habang mas nauunawaan mo ang Diyos, mas nauunawaan mo ang iyong sarili at mas masusi ang pang-unawa mo sa iyong sariling kalikasan, at mas makakaya mong lubos na makilala ang iyong sarili. Matapos mong malagom ang iyong karanasan, hindi ka na muling mabibigo sa bagay na ito. Ang totoo, may mga bahid ang bawat isa, hindi nga lang sila pinananagot. Bawat isa ay mayroon nito—ang ilan ay may maliliit, at ang ilan ay may malalaki; ang ilan ay malinaw na nagsasalita, at ang ilan ay malihim. Ang ilang mga tao ay gumagawa ng mga bagay na alam ng iba, habang ang ilang mga tao ay gumagawa ng mga bagay na hindi nalalaman ng iba. Mayroong mga bahid sa bawat isa, at lahat sila’y nagbubunyag ng ilang tiwaling disposisyon, tulad ng pagiging mapagmataas o mapagmagaling; o kung hindi man ay gumagawa sila ng ilang mga paglabag, o ilang mga pagkakasala o pagkakamali sa kanilang gawain, o sila ay medyo mapaghimagsik. Ang mga ito ay mga bagay na napapatawad dahil ang mga ito ay mga bagay na hindi maiiwasan ng tiwaling tao. Gayunpaman, sa sandaling maunawaan mo ang katotohanan,

dapat mong iwasan ang mga ito, at hindi na kinakailangan pang mabagabag ng mga bagay na nangyari sa nakaraan. Sa halip, ang takot ay kung hindi ka pa rin magbabago kahit na ikaw ay makaunawa, na magpapatuloy ka pa ring gumawa ng mga bagay kahit na alam mong mali ang mga ito, at magpapatuloy ka pa ring kumilos sa partikular na paraan kahit na nasabihan ka nang mali iyon. Hindi maaabot ng pagtubos ang ganitong mga tao.

Hinango mula sa “Upang Maglingkod sa Diyos Dapat Lumakad ang Isang Tao sa Landas ni Pedro” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Dahil sa nagawang tiwali ni Satanas, maaaring ihayag ng mga tao ang kanilang katiwalian sa panahon ng gawain ng Diyos, at sila ay maaari ring makagawa ng ilang mga pagkakasala. Gayunpaman, kasabay nito, nakakapagkamit pa rin sa kanila ng ilang bunga ang gawain ng Diyos. Kung hindi inisip ng Diyos ang mga resulta, at tumingin lamang sa mga nabunyag na kalikasan ng tao, hindi iyon matatawag na paglilitas ng mga tao. Ang bunga ng pagliligtas ay pangunahing napapamalas sa pagtupad ng mga tao ng kanilang mga tungkulin at pagsasagawa ng katotohanan. Tinitingnan ng Diyos ang antas ng nagawa ng mga tao sa ganitong mga larangan pati na in ang lawak ng kanilang mga pagkakasala. Ang parehong mga kadahilanan ay nag-aambag sa pagpapasyahan ng kanilang kahihinatnan at kung sila ay mananatili o hindi. Halimbawa, ilang mga tao ang dati’y napakatiwali, ganap na nakalaan sa laman, at hindi talaga sa pamilya ng Diyos. Hindi nila ginugol ang kanilang mga sarili para sa Diyos sa anumang paraan, subalit ngayon ay masigasig nilang ginagampanan ang kanilang tungkulin at kaisa ang puso ng Diyos– mula sa perspektibong ito, nagkaroon ba ng isang pagbabagong-anyo? Ito ay isang pagbabagong-anyo. Ito ang pagbabagong-anyo na nais ng Diyos. At saka, ilang tao ang dati’y gustong ipalaganap sila sa paligid nang sila ay may ilang mga haka-haka, ngunit ngayon nang sila ay mayroong ilang mga haka-haka, nakakayanan nilang maging masunurin at naghahanap ng katotohanan, na hindi ipinapalaganap sila o gumagawa ng anumang bagay na laban sa

Diyos. Nagkaroon ba ng pagbabagong-anyo? Oo! Ilang mga tao ang maaaring minsa'y nanlaban nang sila'y pinatunguhan at pinungos, subalit ngayon nang sila'y napungos at muling pinatunguhan, maaari nilang makilala ang kanilang mga sarili. Pagkatapos nilang tanggapin ito, sila ay sumasailalim sa ilang tunay na mga pagbabagong-anyo–hindi ba ito isang epekto? Oo! Gayunman, gaano man kalaki ang iyong pagbabagong-anyo, ang iyong kalikasan ay hindi maaaring mabagong lahat nang sabay-sabay. Imposible na hindi mabunyag ang anumang mga pagkakasala, subalit kung ang iyong pagpasok ay naging normal na, kahit may kasamang ilang pagsuway, malalaman mo ito sa panahong iyon. Ang kamalayang ito ay maaaring magdala sa iyo nang agarang pagbabagong-anyo at ang iyong mga kalagayan ay magiging pabuti nang pabuti. Maaaring magkaroon ka ng pagkakasala ng isang o dalawang beses, subalit hindi pauli-ulit muli. Ito ang pagbabagong-anyo. Ito ay hindi nangangahulugan na ang isangang nagbagong-anyo sa isang tiyak na larangan ay wala ng anumang mga pagkakasala; hindi ganoon ang kaso. Ang ganitong uri ng pagbabagong-anyo ay nangangahulugan na ang isang tao na nakaranas ng gawain ng Diyos ay makakapagsagawa ng mas maraming katotohanan at maaaring magsagawa ng ilan sa kung ano ang hinihingi ng Diyos. Ang kanilang mga pagkakasala ay magiging paunti ng paunti at ang mga pagkakataon ng pagsuway ay mababawasan at hindi gaanong malubha. Makikita mo mula dito na ang gawain ng Diyos ay nagkabisa; ang nais ng Diyos ay ang ganitong uri ng pagpapahayag na ang mga resulta nito ay nakamit sa mga tao. Kaya, ang paraan kung paano pangasiwaan ng Diyos ang mga kahihinatnan ng mga tao at kung paano Niya tinatrato ang isang tao ay ganap na matuwid, makatwiran at makatarungan. Kailangan mo lamang ilagay ang lahat ng iyong mga pagpupunyagi sa paggugol ng iyong sarili para sa Diyos, walang pag-aalinglangang ilagay ang lahat ng iyong puso sa pagsasagawa ng katotohanan na nararapat, at hindi ka tatratuhin ng Diyos nang hindi patas. Pag-isipan ito: Maaari bang yaong nagsasagawa ng katotohanan ay maparusahan ng Diyos? Maraming mga tao ang palaging naghihinala sa Kanyang matuwid na disposisyon, natatakot na

sila ay mapaparusahan pa rin kahit na isasagawa nila ang katotohanan; palagi silang natatakot na kapag nagpakita sila ng katapatan, hindi Niya iyon makikita. Ang gayong mga tao ay walang kaalaman sa matuwid na disposisyon ng Diyos.

Hinango mula sa "Ang Kahulugan ng Pagpapasya ng Diyos sa Kalalabasan ng Mga Tao Base sa Kanilang Paggawa" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang katotohanan ay lumabag ang bawat tao, gaano man ito kalaki o kaliit. Kapag hindi mo alam na ang isang bagay ay paglabag, itinuturing mo ito nang may malabong estado ng pag-iisip, o marahil panghahawakan mo pa rin ang iyong mga sariling opinyon, nakasanayan, at paraan ng pag-unawa—ngunit, balang araw, sa pamamagitan man ng pakikisalamuha sa iyong mga kapatid o ng pagbubunyag ng Diyos, natututunan mo na ang bagay na ito ay isang paglabag, isang pagkakasala laban sa Diyos. Ano na ang magiging pag-uugali mo pagkatapos? Panghahawakan mo pa rin ba, mangangatuwiran, makikipagtalo, maninindigan sa sarili mong mga ideya, maniniwala na ang iyong ginagawa ay naaayon sa katotohanan? Sangkot dito ang iyong saloobin sa Diyos. Sa anong saloobin itinuring ni David ang kanyang mga paglabag? (Pagsisisi). Pagsisisi—hindi na niya gagawin kailanman ang mga ito. Kaya, ano ang ginawa niya? Nanalangin siya na hinihiling sa Diyos na parusahan siya: "Kung gagawin ko ulit ang pagkakamaling ito, parusahan nawa ako ng Diyos at ikamatay ko!" Iyon ang kanyang paninindigan; iyon ang totoong pagsisisi. Maaari kaya itong makamit ng mga karaniwang tao? Para sa mga karaniwang tao, makabubuti kung hindi nila subukang makipagtalo o hindi tuwirang umamin ng pananagutan, at,sa kanilang mga puso, iniisip pa rin nila: "Sana walang mag-uungkat muli nito. Mapapahiya ako." Totoo ba itong pagsisisi? Upang maging tunay na nagsisisi, dapat mong itapon ang dati mong kasamaan, isantabi ito, at huwag nang gumawa ng ganoong bagay muli. Kung gayon, ano ba ang dapat gawin? Uubra na ba kung itapon na lamang ang kasamaan, hindi na gawin ang bagay na iyon at hindi ito pakaisipin? Ano ang iyong saloobin patungkol sa Diyos? Ano ang iyong gagawin sa

paglalantad sa iyo ng Diyos ngayon? (Tatanggapin namin ang kaparusahan ng Diyos.) Ang pagtanggap sa kaparusahan ng Diyos, sa Kanyang paghatol at pagkastigo—iyon ang isang bahagi nito. Ang iba pang bahagi ay ang pagtanggap ng masusing pagsisiyasat ng Diyos habang tinatanggap mo ang Kanyang kaparusahan. Kapag natanggap mo na ang parehong bahagi, paano na ang iyong magiging paninindigan? Kapag nakasagupa ka ng gayong mga kalagayan at gayong mga bagay sa hinaharap, ano ang gagawin mo? Kung walang totoong pagsisisi, hindi maiwawaksi ng isang tao ang isang kasamaan at saan man, sa anumang oras, maaaring bumalik sila sa dati nilang nakagawiang paraan, ginagawa ang masamang bagay na dati nilang ginagawa, ginagawa ang gayon ding paglabag, paulit-ulit na ginagawa ang gayon ding pagkakamali. Hindi ba ganito ang saloobin ng isang tao patungkol sa katotohanan? Ibinubunyag nito ang saloobin ng tao patungkol sa katotohanan at sa Diyos. Ano, kung gayon, ang magagawa ng isang tao upang tuluyang matalikdan ang isang paglabag? Isagawa ang katotohanan? Dapat magkaroon ng wastong saloobin ang tao patungkol sa katotohanan. At anong saloobin ang dapat taglayin ng isang tao at paano sila dapat kumilos upang maipakita ang kanilang wastong saloobin patungkol sa katotohanan? Ano ang gagawin mo kung mahulog ka sa tukso kapag nakaharap mong muli ang isyung ito? Dalawang salita: “Lumayo ka!” Kasabay nito, dapat itakda ng isang tao ang kanyang paninindigan na maparusahan ng Diyos kung makagawa siyang muli ng ganoon ding pagkakamali. Ang gawin ito ay ang mapoot sa naturang bagay mula sa kaibuturan ng iyong puso, na tingnan ito bilang kasuklam-suklam na bagay, isang masamang bagay, isang bagay na ipagkakasala sa Diyos, isang walang hanggang bahid. Sinasabi ng Biblia: “Ang mabait na tao ay nakakakita ng kasamaan at nagkukubli: nguni’t dinadaanan ng musmos at nagtitiis” (Kawikaan 22:3). Hindi iyon pagiging payak—ito ay kahangalan, malinaw na malinaw. “Lumayo ka”—paano iyon bilang isang paraan upang kumilos? (Mabuti ito). Gayunman mayroon bang mga oras na hindi maaaring lumayo ang isang tao? Ano ang iyong gagawin kung gayon? Dapat kang manalangin nang taimtim sa Diyos sa iyong puso,

at hilingin sa Kanya na isaayos ang mga bagay. Ang ilang pagsubok ay mga tukso rin. Bakit pinapayagan ng Diyos na mangyari sa iyo ang ganoong mga bagay? Hindi nagkataon lamang ang mga ito; ang mga ito ay pagsubok ng Diyos sa iyo. Kung hindi mo tanggapin ang pagsubok ng Diyos at subukang balewalain ito, hindi ba ibinubunyag nito ang iyong saloobin patungkol sa Diyos? Hindi ba ipinapakita nito ang saloobin ng tao patungkol sa Diyos na tinatalikuran mo ang mga pangyayaring isinaayos Niya para sa iyo at ang mga pagsubok na ibinibigay Niya sa iyo, at may pag-uugali ng kabastusan, at hindi man lang nananalangin ni naghahangad, ni hindi hinahanap ang landas ng pagsasagawa sa mga naturang pangyayari at pagsubok? May mga nagsasabi: “Wala akong ganoong saloobin, at wala akong ganoong hangarin.” Kung wala kang hangarin, kung gayon, ano ang iyong saloobin patungkol sa Diyos? Ang ilang saloobin ay sinasadya at nakalaan, habang ang ilan ay hindi sinasadya—ano ang sa iyo? Ang isang taong bastos at hindi sineseryoso ang Diyos ay isa bang taong nagmamahal sa katotohanan? Isang tanggap na bagay na ang isang tao na itinuturing ang katotohanan at ang Diyos bilang mga larong pambata, bilang hanging walang laman, ay hindi isang taong nagmamahal sa katotohanan.

Hinango mula sa Pagbabahagi ng Diyos

Habang mas marami ang nagagawa mong paglabag, mas kumakaunti ang iyong mga pagkakataong magtamo ng isang mabuting hantungan. Taliwas dito, habang mas kumakaunti ang nagagawa mong mga paglabag, mas lumalaki ang iyong pagkakataon na mapuri ng Diyos. Kung madaragdagan ang iyong mga paglabag hanggang sa puntong imposible na para sa Akin na mapatawad ka, lubusan mo nang sinayang ang iyong mga pagkakataong mapatawad. Kung magkagayon, ang iyong hantungan ay hindi magiging sa itaas kundi sa ibaba. Kung hindi mo Ako pinaniniwalaan, maging tahas ka kung gayon at gumawa ng mali, at tingnan mo kung ano ang iyong mapapala. Kung ikaw ay isang masigasig na tao na nagsasagawa ng katotohanan, tiyak na magkakaroon ka ng

pagkakataon na mapatawad sa iyong mga paglabag, at dadalang nang dadalang ang iyong mga pagsuway. Kung ikaw ay isang tao na mabigat sa loob ang pagsasagawa ng katotohanan, ang iyong mga paglabag sa harap ng Diyos ay tiyak na madaragdagan at dadalas nang dadalas ang iyong pagsuway, hanggang marating mo ang hangganan, na siyang magiging oras ng iyong lubos na pagkawasak. Dito na mawawasak ang iyong kaaya-ayang pangarap na tumanggap ng mga pagpapala. Huwag mong ituring ang iyong mga paglabag bilang mga pagkakamali lamang ng isang taong walang hustong pag-iisip o ng isang taong hangal; huwag mong gamiting dahilan na hindi ka nakapagsagawa ng katotohanan dahil ginawa itong imposible ng iyong mahinang kakayahan. Higit pa rito, huwag mong ituring ang mga nagawa mong paglabag na mga pagkilos lamang ng isang tao na kulang sa kaalaman. Kung mahusay ka sa pagpapatawad sa sarili mo at pagiging mapagbigay sa iyong sarili, sinasabi Ko, kung gayon, na ikaw ay isang duwag na hindi kailanman magkakamit ng katotohanan, at hindi ka rin titigilang multuhin ng iyong mga paglabag; hahadlangan ka nila na matugunan kailanman ang mga hinihingi ng katotohanan at magiging sanhi upang manatili kang isang tapat na kasamahan ni Satanas magpakailanman. Ito pa rin ang payo Ko sa iyo: Huwag kang magbigay-pansin lamang sa iyong hantungan habang nabibigong pansinin ang iyong mga nakatagong paglabag; seryosohin mo ang mga paglabag, at huwag kaligtaan ang alinman sa mga ito dahil sa pagmamalasakit sa iyong hantungan.

Hinango mula sa “Ang mga Paglabag ay Magdadala sa Tao sa Impiyerno” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

46. Ang mga Prinsipyo ng Pagninilay-nilay Kung Nagbago Na ang Disposisyon ng Isang Tao

(1) Magnilay-nilay kung naging epektibo ba ang mga pagtatangka mong maging isang matapat na tao, kung nananatili pa rin ba sa iyo ang mga kasinungalingan at panlilinlang, kung tapat ka ba habang tinutupad ang iyong tungkulin, at kung nakakikilos ka ba nang ayon sa mga prinsipyo;

(2) Magnilay-nilay kung ang mga pananaw mo ba sa mga bagay-bagay, ang pagtingin mo ba sa buhay, at ang mga pinahahalagahan mo ay umaayon sa katotohanan; kung gaano karami sa mga maka-satanas na pilosopiya at kautusan ang naalis mo na sa iyong sarili; at kung sumailalim ka ba o hindi sa isang pagbabago;

(3) Magnilay-nilay kung nagtataglay ka ba ng pananampalatayang gaya ng kay Job, kung nagagawa mong matakot sa Diyos at lumayo sa kasamaan, at kung tunay mo bang nakikilala at minamahal ang Diyos;

(4) Magnilay-nilay kung isa kang taong nagsasagawa ng katotohanan at totoong nagpapasakop sa Diyos, at kung sa gitna ng mga pagsubok ay may kakayahan kang pagtagumpayan si Satanas, matatag na manindigan sa iyong patotoo, at magbigay-lugod sa Diyos.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ano ba ang kahulugan ng isang pagbabago sa disposisyon? Nangyayari ito kapag ang isang mangingibig ng katotohanan, habang dinaranas ang gawain ng Diyos, ay tumatanggap ng paghatol at pagkastigo ng Kanyang mga salita at sumasailalim sa lahat ng uri ng pagdurusa at pagpipino. Ang gayong tao ay nililinis mula sa mala-satanas na mga lason sa loob niya, at lubusang nakakawala sa kanyang tiwaling disposisyon, kaya nakakapagpasakop siya sa mga salita ng Diyos at sa lahat ng Kanyang mga plano at pagsasaayos, upang hindi na kailanman muling maghimagsik laban sa Kanya o labanan Siya. Ito ay isang pagbabago sa disposisyon. … Ang isang pagbabago sa disposisyon ay nangangahulugan na ang isang tao, sapagka't iniibig niya at kayang tanggapin ang katotohanan, sa wakas ay nakakarating sa pagkaunawa sa kanyang kalikasang masuwayin na lumalaban sa Diyos; nauunawaan niya na ang tao ay napakalalim ang pagkakatiwali, nakikilala niya ang kahangalan at pagiging-mapanlinlang ng tao, nakikilala niya ang kasalatan at pagiging kahabag-habag ng tao, at sa wakas ay nauunawaan ang kalikasang diwa ng tao. Sa pagkaalam sa lahat ng ito, nagkakaroon siya ng kakayahang tanggihan at talikuran ang kanyang sarili nang ganap, makapamuhay ayon sa salita ng Diyos, at maisagawa ang katotohanan sa lahat ng bagay. Ito

ay isa na nakakakilala sa Diyos; ito ay isa na nabago na ang disposisyon.

Hinango mula sa “Paano Malalaman ang Kalikasan ng Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang pagbabago sa disposisyon ay pangunahing tumutukoy sa pagbabago sa kalikasan ng isang tao. Ang mga bagay tungkol sa kalikasan ng isang tao ay hindi makikita mula sa panlabas na mga paggawi; ang mga ito ay tuwirang may kinalaman sa halaga at kabuluhan ng kanyang pag-iral. Iyan ay, tuwirang nakapaloob sa mga ito ang pananaw ng isang tao sa buhay at sa kanyang mga pinahahalagahan, sa mga bagay na nasa kaibuturan ng kanyang kaluluwa, at kanyang esensya. Kung ang isang tao ay hindi kayang tumanggap ng katotohanan, hindi siya sasailalim ng pagbabago sa mga aspetong ito. Sa pamamagitan lamang ng pagdaranas sa gawain ng Diyos, pagpasok nang lubusan sa katotohanan, pagbabago sa mga pinahahalagahan ng isa at mga pananaw ng isa tungkol sa pag-iral at buhay, pag-aayon ng pananaw ng isa sa pananaw ng Diyos, at pagiging may-kakayahang ganap na magpasakop at pagiging nakatalaga sa Diyos, saka masasabing nagbago na ang disposisyon ng isa. Maaaring ikaw ay lumilitaw na nagsisikap nang kaunti, maaaring ikaw ay matatag sa harap ng paghihirap, maaaring nagagawa mong magsakatuparan ng mga pagsasaayos ng gawain mula sa Itaas, o maaaring nagagawa mong pumunta saanmang dako ka pinapupunta, subali’t ang mga ito ay maliliit na pagbabago lamang ng gawi, at hindi sapat upang ibilang na pagbabago ng iyong disposisyon. Maaaring nakakaya mong tumahak sa maraming landasin, magdusa ng maraming mga kahirapan at magtiis ng matinding kahihiyan; maaaring nadarama mo na napakalapit mo sa Diyos, at ang Banal na Espiritu ay maaaring gumagawa sa iyo nang kaunti. Gayunpaman, kapag hinihingi ng Diyos sa iyo na gumawa ng isang bagay na hindi kaayon sa iyong mga paniwala, maaaring hindi ka pa rin nagpapasakop; sa halip, maaring naghahanap ka ng mga dahilan, naghihimagsik at lumalaban sa Diyos, kahit hanggang sa puntong pinupuna mo na Siya at nagproprotesta laban sa Kanya. Ito ay magiging

isang malalang suliranin! Makikita rito na mayroon ka pa ring kalikasan na lumalaban sa Diyos, at na hindi ka napasailalim sa anumang pagbabago kahit na kaunti.

Hinango mula sa “Ang Dapat Malaman Tungkol sa Pagbabago ng Disposisyon ng Isang Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang pagbabagong-anyo ng disposisyon ng tao ay hindi pagbabago ng pag-uugali, o pakunwaring panlabas na pagbabago o pansamantalang pag-iiba na ibinunga ng sigasig; bagkus, ito ay isang tunay na pagbabagong-anyo ng disposisyon na nagdudulot ng pagbabago sa pag-uugali. Ang gayong pagbabago sa pag-uugali ay hindi katulad ng mga pagbabagong naipakikita sa mga panlabas na pag-uugali at kilos ng isang tao. Ang pagbabagong-anyo ng disposisyon ay nangangahulugang naunawaan at naranasan mo ang katotohanan, at ang katotohanan na ang naging buhay mo. Sa nakaraan, naunawaan mo ang katotohanan ng bagay na ito, ngunit hindi mo ito naisagawa; ang katotohanan ay doktrina lamang sa iyo na hindi naisabuhay. Ngayong nagbagong-anyo na ang iyong disposisyon, hindi mo lamang nauunawaan ang katotohanan, kundi kumikilos ka rin ayon dito. Nagagawa mo nang talikuran ang mga bagay na nakahiligan mong gawin noong araw, ang mga bagay na dati mong gustong gawin, ang iyong mga paglalarawan sa isip, at ang iyong mga pagkaunawa. Nagagawa mo na ngayong talikuran ang mga bagay na hindi mo nagawang talikuran noong araw. Ito ay pagbabagong-anyo ng disposisyon, at ito rin ang proseso ng pagbabagong-anyo ng iyong disposisyon.

Hinango mula sa “Ang Dapat Malaman Tungkol sa Pagbabago ng Disposisyon ng Isang Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang pagkakamit ng pagbabagong-anyo sa disposisyon ng isang tao ay hindi isang simpleng bagay; hindi ito nangangahulugan ng pagkakaroon lamang ng ilang mga pagbabago sa pag-uugali, pagkakamit ng ilang kaalaman sa katotohanan, kakayahang makapagsabi ng kaunting kaalaman ukol sa karanasan sa bawat aspekto ng katotohanan, o

magbago nang kaunti o bahagyang maging masunurin pagkaraang madisiplina. Ang mga bagay na ito ay hindi bumubuo ng pagbabagong-anyo ng disposisyon sa buhay ng isang tao. Bakit Ko sinasabi ito? Bagama't maaaring medyo nagbago ka na, hindi mo pa rin totoong isinasagawa ang katotohanan. Marahil dahil nasa isang angkop ka na kapaligiran pansamantala, at kanais-nais na kalagayan, o napilit ka ng mga kasalukuyang pangyayari, umaasal ka sa ganitong paraan. Dagdag pa rito, kapag matatag ang katayuan ng iyong isip at gumagawa ang Banal na Espiritu, nakapagsasagawa ka. Kung sumasailalim ka sa mga pagsubok, at nagdurusa sa mga ito tulad ng ginawa ni Job, o tulad ni Pedro na hiniling ng Diyos na mamatay, magagawa mo bang sabihin na "Kahit na mamatay ako matapos Kang makilala, ito ay magiging maayos"? Hindi nagaganap nang magdamag ang pagbabagong-anyo sa disposisyon, at kapag naunawaan mo na ang katotohanan ay hindi nangangahulugang makakaya mong isagawa ito sa bawat kapaligiran. Nasasangkot dito ang kalikasan ng tao. Minsan, mukhang isinasagawa mo ang katotohanan, ngunit ang totoo, ang ikinikilos mo ay hindi nagpapakita na isinasagawa mo ang katotohanan. Maraming tao na may ilang pag-uugaling ipinapakita, tulad ng pagsasantabi sa pamilya at trabaho at pagganap ng kanilang mga tungkulin, na dahil dito naniniwala silang isinasagawa nila ang katotohanan. Gayunpaman, hindi kinikilala ng Diyos na sila ay nagsasagawa ng katotohanan. Kapag ang mga ginagawa mo ay may personal na motibo at hindi puro, hindi mo isinasagawa ang katotohanan; nagpapakita ka lamang nang mababaw na pag-uugali. Ang totoo, malamang na isumpa ng Diyos ang ganitong klaseng pag-uugali; hindi Niya ito pupurihin o maaalala. Kung mas susuriin pa ito, gumagawa ka ng masama at ang pag-uugali mo ay laban sa Diyos. Kung titingnan mula sa labas, hindi ka nakagagambala sa anumang bagay at hindi ka nakagawa ng totoong pinsala o nakalabag ng anumang katotohanan. Mukhang makatwiran at makatarungan iyon, subalit ang diwa ng iyong mga kilos ay patungkol sa paggawa ng kasamaan at paglaban sa Diyos. Samakatuwid ay dapat kang magpasiya kung mayroon nang pagbabago sa iyong

disposisyon at kung isinasagawa mo ang katotohanan sa pagtingin sa mga motibo sa likod ng iyong mga kilos ayon sa mga salita ng Diyos. Hindi iyon nakasalalay sa pananaw ng tao kung ang mga kilos mo ba ay base sa imahinasyon at intensyon ng tao, o kung ito ba ay angkop sa iyong panlasa; ang mga bagay na ito ay hindi mahalaga. Bagkus, nakadepende iyon sa pagsasabi ng Diyos kung sumusunod ka o hindi sa Kanyang kalooban, kung ang iyong mga kilos ay mayroong katotohanang realidad o wala, at kung tumutugon ang mga ito o hindi sa Kanyang mga hinihiling at pamantayan. Ang pagsukat lamang ng iyong sarili ayon sa mga hinihiling ng Diyos ang tama. Ang pagbabago sa disposisyon at pagsasagawa ng katotohanan ay hindi kasingpayak at kasindali ng inaakala ng tao. Nauunawaan mo na ba ito ngayon? May karanasan ka ba rito? Pagdating sa diwa ng isang suliranin, maaaring hindi ninyo ito maunawaan; labis na mababaw ang inyong pagpasok. Paroo't parito kayo sa maghapon, mula bukang-liwayway hanggang takipsilim, bumabangon nang maaga at natutulog nang gabing-gabi na, subalit hindi pa ninyo nakakamit ang pagbabago sa inyong disposisyon sa buhay, at hindi ninyo maintindihan kung ano ang kailangan sa gayong pagbabago. Ibig sabihin ay napakababaw ng inyong pagpasok, hindi ba? Gaano katagal man kayo naniniwala sa Diyos, maaaring hindi ninyo madama ang diwa at malalalim na bagay na gagawin sa pagkakamit ng pagbabago sa disposisyon.

Hinango mula sa "Ang Dapat Malaman Tungkol sa Pagbabago ng Disposisyon ng Isang Tao" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Maaaring magpakabait ang mga tao, nguni't hindi ito nangangahulugan na taglay nila ang katotohanan. Ang pagkakaroon ng sigasig ay magagawa lamang na sumunod sila sa doktrina at sundin ang patakaran; ang mga tao na walang katotohanan ay walang pag-asa sa paglutas ng mga makabuluhang suliranin, at hindi mapapalitan ng doktrina ang katotohanan. Ang mga taong nakaranas ng pagbabago sa kanilang disposisyon ay naiiba; naunawaan na nila ang katotohanan, naiintindihan nila ang lahat ng usapin, alam nila kung paano kumilos alinsunod sa

kalooban ng Diyos, kung paano kumilos alinsunod sa mga katotohanang prinsipyo, at kung paano kumilos upang mapalugod ang Diyos, at nauunawaan nila ang kalikasan ng katiwalian na kanilang ipinapakita. Kapag ang kanilang sariling mga ideya at mga kuro-kuro ay naibubunyag, nagagawa nilang makakilala at tinatalikuran ang laman. Ganito ipinahahayag ang isang pagbabago sa disposisyon. Ang pangunahing bagay tungkol sa mga taong dumaraan sa pagbabago ng disposisyon ay nagagawa nilang maunawaan nang malinaw ang katotohanan, at kapag ipinatutupad ang mga bagay, isinasagawa nila ang katotohanan nang may kaugnay na kawastuhan at hindi sila nagbubunyag ng katiwalian nang madalas. Karaniwan, ang mga nagbago na ang disposisyon ay nagiging makatwiran at maunawain, at dahil sa kanilang pagkaunawa sa katotohanan, hindi sila gaanong nagpapakita ng pagmamataas o kayabangan. Nauunawaan at nahihiwatigan nila ang marami sa katiwaliang naibunyag sa kanila, kaya hindi sila nagyayabang. Nagagawa nilang magkaroon ng isang nasusukat na pagkaunawa sa kung ano ang kalagayan ng tao, kung paano gumawi nang may katwiran, kung paano maging masunurin, kung ano ang sasabihin at kung ano ang hindi sasabihin, at kung ano ang sasabihin at kung ano ang gagawin sa alin mang mga tao. Ito ang dahilan kung bakit sinasabi na ang mga taong gaya nito ay medyo makatwiran. Ang mga tao na dumaraan sa pagbabago ng disposisyon ay tunay na namumuhay na kawangis ng tao, at taglay nila ang katotohanan. Lagi nilang nasasabi at nakikita ang mga bagay alinsunod sa katotohanan, at may prinsipyo sila sa lahat ng ginagawa nila; hindi sila sumasailalim sa impluwensiya ng sinumang tao o bagay, at lahat sila ay may sariling pananaw at kaya nilang panatilihin ang mga katotohanang prinsipyo. Ang kanilang disposisyon ay medyo matatag, hindi sila sala sa init at sala sa lamig, at anuman ang kanilang sitwasyon, nauunawaan nila kung paano isagawa nang wasto ang kanilang tungkulin at kung paano umasal na ikalulugod ng Diyos. Yaong nagbago ang mga disposisyon ay hindi nagtutuon ng pansin sa kung ano ang gagawin upang mapaganda ang kanilang mga sarili sa mababaw na antas—natamo nila

ang panloob na kaliwanagan sa kung ano ang gagawin upang mapalugod ang Diyos. Kung gayon, sa panlabas maaaring tila hindi sila ganoon kasigasig o parang hindi sila nakagawa ng anumang totoong dakila, ngunit ang lahat ng kanilang ginagawa ay makahulugan, mahalaga, at nagbubunga ng praktikal na mga resulta. Yaong nagbago ang mga disposisyon ay nakatitiyak na magtataglay ng napakaraming katotohanan,at ito ay mapapatunayan sa pamamagitan ng kanilang mga pananaw sa mga bagay at sa kanilang mga maprinsipyong pagkilos. Yaong mga hindi nagtataglay ng katotohanan ay tiyak na hindi pa nagtamo ng anumang pagbabago sa disposisyon. Ang isang pagbabago ng disposisyon ay hindi nangangahulugan ng pagkakaroon nang husto at napapanahong pagkatao; pangunahin itong tumutukoy sa lahat ng mga pagkakataon kung kailan ang ilan sa napakasasamang lason ni Satanas sa loob ng kalikasan ng tao ay nagbabago bunga ng pagtatamo ng kaalaman tungkol sa Diyos at pag-unawa sa katotohanan. Ibig sabihin, ang napakasasamang lason ni Satanas na iyon ay nalinis na, at ang katotohanang ipinahayag ng Diyos ay nag-uugat sa kalooban ng gayong mga tao, nagiging buhay nila, at nagiging pundasyon ng kanilang pamumuhay. Saka lamang sila nagiging bagong tao, at dahil doon, nakararanas ng pagbabago ng kanilang disposisyon. Ang isang pagbabago sa disposisyon ay hindi nangangahulugan na ang panlabas na mga disposisyon ng mga tao ay mas mapagpakumbaba kaysa rati, na dati silang mayabang ngunit ngayo’y makatwiran nang magsalita, o na dati ay wala silang pinakikinggan ngunit ngayo’y kaya na nilang makinig sa iba; hindi masasabi na ang nakikitang mga pagbabagong ito ay mga pagbabago sa disposisyon. Mangyari pa, ang mga pagbabago sa disposisyon ay kinabibilangan ng mga estado at pagpapahayag na ito ngunit ang pinakamahalagang bagay ay na nagbago na ang kanilang kalooban. Ang katotohanang ipinahayag ng Diyos ang nagiging buhay nila mismo, ang napakasasamang lason sa kalooban ay naalis na, at ang kanilang mga pananaw ay ganap nang nagbago—at wala sa kanila ang nakaayon sa mga pananaw ng mundo. Nakikita ng mga taong ito nang

malinaw ang mga pakana at lason ng malaking pulang dragon sa kung ano ang mga ito; naunawaan na nila ang tunay na esensya ng buhay. Kaya nagbago na ang kanilang mga pagpapahalaga sa buhay—ito ang pinakapangunahing pagbabago, pati na ang esensya ng isang pagbabago ng disposisyon.

Hinango mula sa “Ang Pagkakaiba sa Pagitan ng Panlabas na mga Pagbabago at mga Pagbabago sa Disposisyon” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sa anong batayan nabuhay ang mga tao noon? Ang lahat ng tao ay nabubuhay para sa kanilang mga sarili. Ang bawat tao para sa kanyang sarili at bahala na ang iba—ito ang buod ng kalikasan ng tao. Ang mga tao ay naniniwala sa Diyos para sa kanilang sariling mga kapakanan; tinatalikuran nila ang mga bagay-bagay, ginugugol ang kanilang mga sarili para sa Diyos, at tapat sa Diyos, nguni’t ang lahat ng mga bagay na ito ay ginagawa pa rin nila para sa kanilang sariling mga kapakanan. Sa kabuuan, lahat ito ay ginagawa para sa layunin ng pagkakamit ng mga pagpapala para sa kanilang mga sarili. Sa mundo, ang lahat ay para sa pansariling pakinabang. Ang paniniwala sa Diyos ay para magkamit ng mga pagpapala, at kaya itinatakwil ng isa ang lahat ay upang magkamit ng mga pagpapala, at ang isa ay makatatagal sa matinding pagdurusa upang magkamit ng mga pagpapala. Ang lahat ng ito ay katibayan mula sa karanasan ukol sa tiwaling kalikasan ng tao. Gayunpaman, yaong mayroong pagbabago sa disposisyon ay naiiba. Pakiramdam nila ang mga tao ay dapat mabuhay upang palugurin ang Diyos, upang gampanan ang kanilang tungkulin nang mahusay, at mabuhay nang makahulugan upang kahit na sila’y mamatay, sila’y makakaramdam na nasisiyahan at hindi magkakaroon ng kahit katiting na panghihinayang—hindi sila nabuhay nang walang kabuluhan. Na nakakaya ng mga tao na sumamba, sumunod at palugurin ang Diyos ay ang saligan ng pagiging tao at kanilang pananagutang tungkulin alinsunod sa hindi-nababagong mga prinsipyo ng Langit at lupa. Kung hindi, hindi sila magiging karapat-dapat tawaging tao; ang kanilang mga buhay ay magiging hungkag at walang kahulugan. Mula

sa paghahambing ng dalawang uri ng mga sitwasyong ito, nakikita natin na ang huli ay isang tao na ang disposisyon ay nagbago na, at yamang ang kanyang disposisyon ay nagbago, ang pananaw sa buhay ay tiyak na nagbago na. Taglay ang naiibang mga pinahahalagahan, hindi na siya kailanman muling mabubuhay para sa sarili niya, at ang kanyang pananampalataya sa Diyos ay hindi na kailanman magiging para sa layunin ng pagkakamit ng mga pagpapala para sa sarili niya. Magagawa niyang sabihing, “Pagkatapos makilala ang Diyos, ano ang kamatayan sa akin? Pinahintulutan ako ng pagkakilala sa Diyos na mamuhay ng isang makahulugang buhay. Hindi ako nabubuhay nang walang kabuluhan at hindi ako mamamatay na mayroong mga panghihinayang—wala akong mga hinaing.” Hindi ba ito isang nabagong pananaw sa buhay? Samakatuwid, ang pinakasanhi ng isang pagbabago sa disposisyon sa buhay ng isa ay ang pagkakaroon ng katotohanan sa loob, at pagkakaroon ng pagkakilala sa Diyos; ang pananaw sa buhay ng isa ay nagbabago, at ang mga pinahahalagahan ay kaiba mula sa dati. Ang pagbabago ay nagsisimula sa loob, at mula sa buhay ng isa; tiyak na ito ay hindi lamang isang panlabas na pagbabago.

Hinango mula sa “Ang Pagkakaiba sa Pagitan ng Panlabas na mga Pagbabago at mga Pagbabago sa Disposisyon” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sa patuloy na pagsisikap na mabago ang disposisyon sa buhay ng isang tao, ang landas ng pagsasagawa ay simple. Sa iyong praktikal na karanasan, kung nagagawa mong sundin ang kasalukuyang mga salita ng Banal na Espiritu at maranasan ang gawain ng Diyos, may kakayahang magbago ang iyong disposisyon. Kung sinusunod mo ang anumang sabihin ng Banal na Espiritu, at hinahanap mo ang anumang sabihin ng Banal na Espiritu, isa kang taong sumusunod sa Kanya, at magkakaroon ng pagbabago sa iyong disposisyon. Nagbabago ang disposisyon ng mga tao sa kasalukuyang mga salita ng Banal na Espiritu; kung lagi kang kumakapit sa dati mong mga karanasan at mga panuntunan noong araw, hindi magbabago ang iyong disposisyon. Kung hinihiling ng mga salita ng

Banal na Espiritu sa ngayon na pumasok ang lahat ng tao sa isang buhay ng normal na pagkatao ngunit patuloy kang nakatuon sa mga panlabas na bagay, at nalilito ka tungkol sa realidad at hindi mo ito sineseryoso, isa kang tao na hindi nakaagapay sa gawain ng Banal na Espiritu, isang tao na hindi nakapasok sa landas ng patnubay ng Banal na Espiritu. Kung maaaring magbago ang iyong disposisyon o hindi ay depende sa kung umaagapay ka o hindi sa kasalukuyang mga salita ng Banal na Espiritu at kung mayroon kang tunay na kaalaman o wala. Kaiba ito sa dati ninyong naunawaan. Ang pagbabago sa iyong disposisyon na naunawaan mo dati ay na ikaw, na mabilis manghusga, ay tumigil na sa pagsasalita nang hindi nag-iisip sa pamamagitan ng pagdidisiplina ng Diyos; ngunit isang aspeto lamang ito ng pagbabago. Sa ngayon, ang pinakakritikal na punto ay ang pagsunod sa patnubay ng Banal na Espiritu: Sumunod sa anumang sinasabi ng Diyos, at sundin ang anumang sinasabi Niya. Hindi mababago ng mga tao ang sarili nilang disposisyon; kailangan silang dumaan sa paghatol at pagkastigo, at sa pagdurusa at pagpipino, ng mga salita ng Diyos, o sa pakikitungo, pagdidisiplina, at pagtatabas ng Kanyang mga salita. Pagkatapos noon, saka lamang sila magiging masunurin at matapat sa Diyos, at hindi na magpapadalus-dalos sa pakikitungo sa Kanya. Sa ilalim ng pagpipino ng mga salita ng Diyos nagbabago ang disposisyon ng mga tao. Sa pamamagitan lamang ng paglalantad, paghatol, pagdidisiplina, at pakikitungo ng Kanyang mga salita sila hindi na mangangahas na kumilos nang walang pakundangan kundi sa halip ay magiging matatag at mahinahon sila. Ang pinakamahalagang punto ay na nagagawa nilang magpasakop sa kasalukuyang mga salita ng Diyos, at sa Kanyang gawain, kahit hindi ito nakaayon sa mga pagkaunawa ng tao, nagagawa nilang isantabi ang mga pagkaunawang ito at maluwag sa loob na magpasakop. Noong araw, ang usapan tungkol sa mga pagbabago sa disposisyon ay pangunahing tumukoy lamang sa pagtalikod sa sarili, pagpapahintulot na magdusa ang laman, pagdidisiplina sa katawan ng isang tao, at pag-aalis sa sarili ng mga makamundong kagustuhan—na isang uri ng pagbabago sa disposisyon. Ngayon, alam ng lahat na ang tunay na pagpapakita ng

pagbabago sa disposisyon ay sa pagsunod sa kasalukuyang mga salita ng Diyos at tunay na pagkaalam sa Kanyang bagong gawain. Sa ganitong paraan, maaaring mapawi ang dating pagkaunawa ng mga tao tungkol sa Diyos, na nakulayan ng sarili nilang mga pagkaunawa, at makapagtatamo sila ng tunay na kaalaman at pagsunod sa Diyos—ito lamang ang tunay na pagpapahayag ng isang pagbabago sa disposisyon.

Hinango mula sa "Ang mga Taong Nagbago Na ang Disposisyon ay Yaong mga Nakapasok Na sa Realidad ng mga Salita ng Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang pagbabago ng disposisyon ng tao ay nakakamit sa pamamagitan ng maraming iba't ibang uri ng gawain ng Diyos; kung wala ang gayong mga pagbabago sa kanyang disposisyon, hindi magagawa ng tao na magpatotoo sa Diyos at maging kaayon ng puso ng Diyos. Ang pagbabago ng disposisyon ng tao ay tanda na napalaya na ng tao ang kanyang sarili mula sa pagkaalipin kay Satanas at mula sa impluwensya ng kadiliman, at tunay nang naging isang huwaran at halimbawa ng gawain ng Diyos, isang saksi ng Diyos, at isang taong kaayon ng puso ng Diyos. Ngayon, naparito ang Diyos na nagkatawang-tao upang gawin ang Kanyang gawain sa lupa, at hinihiling Niya sa tao na magkamit ng kaalaman tungkol sa Kanya, pagsunod sa Kanya, patotoo sa Kanya, malaman ang Kanyang praktikal at normal na gawain, sundin ang lahat ng Kanyang salita at gawain na hindi naaayon sa mga palagay ng tao, at magpatotoo sa lahat ng gawaing Kanyang ginagawa upang iligtas ang tao, pati na ang lahat ng gawang isinasakatuparan Niya upang lupigin ang tao. Yaong mga nagpapatotoo sa Diyos ay kailangang magkaroon ng kaalaman tungkol sa Diyos; ang ganitong uri lamang ng patotoo ang tumpak at totoo, at ang ganitong uri lamang ng patotoo ang maaaring magbigay-kahihiyan kay Satanas. Ginagamit ng Diyos ang mga taong nakakilala na sa Kanya sa pamamagitan ng pagdaan sa Kanyang paghatol at pagkastigo, pakikitungo at pagtatabas, upang magpatotoo sa Kanya. Ginagamit Niya yaong mga nagawang tiwali ni Satanas upang magpatotoo sa Kanya, at ginagamit din Niya yaong ang mga disposisyon ay nagbago na, at sa gayon ay nagkamit

na ng Kanyang mga pagpapala, upang magpatotoo sa Kanya. Hindi Niya kailangang purihin Siya ng tao sa salita lamang, ni hindi rin Niya kailangan ang papuri at patotoo ng kauri ni Satanas, na hindi Niya nailigtas. Yaon lamang mga nakakakilala sa Diyos ang karapat-dapat na magpatotoo sa Kanya, at yaon lamang mga nabago na ang kanilang disposisyon ang karapat-dapat na magpatotoo sa Kanya. Hindi papayagan ng Diyos ang tao na sadyang magdala ng kahihiyan sa Kanyang pangalan.

Hinango mula sa “Ang mga Nakakakilala Lamang sa Diyos ang Maaaring Magpatotoo sa Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang mga pagbabago sa disposisyon ay may isang katangian. Iyon ay ang makayanang tanggapin ang katotohanan at magpasakop sa kung ano ang tama at naaayon sa katotohanan. Kahit sino ang nagbibigay sa iyo ng mga panukala—sila man ay bata o matanda, nagkakasundo man kayo, at kung may mga hinanakit man sa pagitan ninyo—hangga’t may sinasabi sila na tama, at nakaayon sa katotohanan, at kapaki-pakinabang sa gawain ng pamilya ng Diyos, nakakaya mong ariin at tanggapin ito. Hindi ka naaapektuhan ng iba pang mga salik. Ito ang unang aspeto ng katangiang iyon. Ang isa pa ay na kapag nakatagpo ka ng isang suliranin nakakaya mong hanapin ang katotohanan. Halimbawa, kung nakatagpo ka ng isang bagong problema na walang sinumang nakakaarok, nakakaya mong hanapin ang katotohanan, tingnan kung ano ang dapat mong gawin upang iayon ang usapin sa mga prinsipyo ng katotohanan, at tugunan ang mga kinakailangan ng Diyos. Bukod dito, ang isa pang aspeto ay ang pagtatamo ng kakayahang maging mapagsaalang-alang sa kalooban ng Diyos. Kung paano ka dapat maging mapagsaalang-alang sa kalooban Niya ay nakasalalay sa kung anong tungkulin ang iyong ginagampanan at kung ano ang mga kinakailangan sa iyo ng Diyos sa iyong tungkulin. Kailangan mong unawain ang prinsipyong ito: Isakatuparan ang iyong tungkulin ayon sa kinakailangan ng Diyos, at isakatuparan ito upang bigyang-kasiyahan ang Diyos. Kailangan mo ring unawain ang kalooban ng Diyos, at kung ano ang hinahangad na resulta ng iyong tungkulin, at kailangan mong magawang

kumilos nang may pananagutan at katapatan. Lahat ng ito ay mga paraan ng pagkakaroon ng konsiderasyon sa kalooban ng Diyos. Kung hindi mo alam kung paano maging mapagsaalang-alang sa kalooban ng Diyos sa bagay na iyong ginagawa, dapat maghanap ka para maisakatuparan iyan, at Siya'y mabigyang-kasiyahan. Kung maisasagawa ninyo ang tatlong prinsipyong ito, masusukat ang paraan na talagang namumuhay kayo ayon sa mga ito, at makasusumpong kayo ng isang paraan ng pagsasagawa, mapapamahalaan ninyo ang mga bagay-bagay sa maprinsipyong paraan.

Hinango mula sa "Sa Pagsasagawa Lamang ng Katotohanan Naiwawaksi Mo ang Mga Tali ng Isang Tiwaling Disposisyon" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung nais mong madalisay ang katiwalian mo at dumanas ng pagbabago sa disposisyon mo sa buhay, kailangan mong magkaroon ng pagmamahal sa katotohanan at kakayahang tanggapin ang katotohanan. Ano ang ibig sabihin ng tanggapin ang katotohanan? Ipinahihiwatig ng tanggapin ang katotohanan na anumang klase ang iyong tiwaling disposisyon o alinman sa mga lason ng malaking pulang dragon ang nasa iyong kalikasan, kinikilala mo ito kapag ibinubunyag ito ng mga salita ng Diyos, at nagpapasakop ka sa mga salitang ito; tinatanggap mo ang mga ito nang walang kundisyon, nang hindi nagdadahilan o sinusubukang mamili, at nakikilala mo ang iyong sarili ayon sa sinasabi Niya. Ito ang ibig sabihin ng tanggapin ang mga salita ng Diyos. Anuman ang sinasabi Niya, gaano man maaaring tumagos sa puso mo ang mga pagbigkas Niya, at anumang mga salita ang ginagamit Niya, matatanggap mo ang mga ito basta't katotohanan ang sinasabi Niya, at kaya mong kilalanin ang mga ito basta't umaayon ang mga ito sa realidad. Kaya mong magpasakop sa mga salita ng Diyos gaano kalalim mo man nauunawaan ang mga ito, at tinatanggap mo at nagpapasakop ka sa liwanag na ibinubunyag ng Banal na Espiritu at ibinabahagi ng iyong mga kapatid. Kapag umabot na sa isang punto ang pagtataguyod sa katotohanan ng gayong tao, maaari niyang matamo ang katotohanan at makamtan ang pagbabago ng kanyang disposisyon. Kahit na 'yung mga hindi nagmamahal sa katotohanan ay

maaaring magkaroon ng disenteng pagkatao, pagdating sa katotohanan, sila'y magulo mag-isip at hindi ito siniseryoso. Bagama't makagagawa sila ng ilang mabuting gawain, at makakayang gugulin ang kanilang sarili para sa Diyos, at makakayanan ang pagtatakwil, hindi nila makakamit ang pagbabago ng disposisyon.

Hinango mula sa "Paano Malalaman ang Kalikasan ng Tao" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Nagsisimula ang pagbabago ng disposisyon ng tao sa kaalaman ng kanyang diwa at sa pamamagitan ng mga pagbabago sa kanyang pag-iisip, kalikasan, at pangkaisipang pananaw—sa pamamagitan ng mga pangunahing pagbabago. Tanging sa ganitong paraan lamang makakamtan ang mga tunay na pagbabago sa disposisyon ng tao. Nagmumula ang tiwaling disposisyon ng tao sa pagkalason at pagyurak sa kanya ni Satanas, mula sa napakalaking pinsalang idinulot ni Satanas sa kanyang pag-iisip, moralidad, kaunawaan, at katinuan. Sumasalungat ang tao sa Diyos at hindi nauunawaan ang katotohanan dahil mismo nagawa nang tiwali ni Satanas ang mga pangunahing bagay ng tao, at lubhang hindi na katulad ng orihinal na pagkakalikha ng Diyos sa kanila. Sa gayon, dapat magsimula ang mga pagbabago sa disposisyon ng tao sa mga pagbabago sa kanyang pag-iisip, kaunawaan, at katinuan na siyang magbabago ng kanyang pagkakilala sa Diyos at kanyang pagkakilala sa katotohanan.

Hinango mula sa "Ang Hindi Pagbabago ng Disposisyon ay Pakikipag-alitan sa Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa paniniwala sa Diyos, kung nais ng mga tao na baguhin ang kanilang disposisyon, hindi nila dapat ihiwalay ang kanilang sarili mula sa tunay na pamumuhay. Sa tunay na pamumuhay, kailangan mong kilalanin ang iyong sarili, talikuran ang iyong sarili, isagawa ang katotohanan, at matutuhan din ang mga prinsipyo, sentido kumon, at mga panuntunan ng sariling pag-uugali sa lahat ng bagay bago mo magawang unti-unting magbago. Kung pagtutuunan mo lamang ang teoretikal na kaalaman at

mabubuhay ka lamang sa mga relihiyosong seremonya nang hindi inaarok nang malalim ang realidad, nang hindi pumapasok sa tunay na pamumuhay, hindi mo kailanman mapapasok ang realidad, hindi mo kailanman makikilala ang iyong sarili, ang katotohanan, o ang Diyos, at magiging bulag at mangmang ka magpakailanman. … Upang makapasok sa realidad, kailangang ibaling ng isang tao ang lahat sa tunay na pamumuhay. Kung, sa paniniwala sa Diyos, hindi makilala ng mga tao ang kanilang sarili sa pamamagitan ng pagpasok sa tunay na pamumuhay, at kung hindi sila makapamuhay nang normal bilang tao sa tunay na pamumuhay, mabibigo sila. Yaong mga sumusuway sa Diyos ay pawang mga taong hindi makakapasok sa tunay na pamumuhay. Sila ay pawang mga taong nagsasalita tungkol sa pagiging makatao, ngunit isinasabuhay ang likas na pagkatao ng mga demonyo. Sila ay pawang mga taong nagsasalita tungkol sa katotohanan, ngunit sa halip ay isinasabuhay ang mga doktrina. Yaong mga hindi makayang isabuhay ang katotohanan sa tunay na pamumuhay ay yaong mga naniniwala sa Diyos, ngunit kinasusuklaman at inaayawan Niya. Kailangan mong isagawa ang iyong pagpasok sa tunay na pamumuhay, alamin ang iyong mga kakulangan, pagsuway, at kamangmangan, at alamin ang iyong abnormal na pagkatao at mga kahinaan. Sa gayong paraan, ang iyong kaalaman ay mapag-iisa sa iyong aktwal na kalagayan at mga paghihirap. Ang klaseng ito lamang ng kaalaman ang tunay at maaaring magtulot sa iyo na tunay na maunawaan ang iyong sariling kalagayan at mabago ang iyong disposisyon.

Hinango mula sa “Pagtalakay sa Buhay Iglesia at sa Tunay na Buhay” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung nakakaranas ang mga tao hanggang sa dumating ang araw kung kailan ang kanilang pananaw sa buhay at ang kabuluhan at ang batayan ng kanilang pag-iral ay lubusang nabago na, kapag naiba na sila hanggang sa kanilang pinaka-buto, at naging ibang tao na, hindi ba ito magiging hindi kapani-paniwala? Ito ay malaking pagbabago, isang

kamangha-manghang pagbabago. Tanging kapag ikaw ay di-interesado sa katanyagan at kayamanan, katayuan, salapi, kasiyahan, at karangyaan ng mundo, at madaling napalalampas ang mga ito, magkakaroon ka ng wangis ng isang tao. Ang mga sa bandang huli ay magagawang ganap ay isang grupong katulad nito; nabubuhay sila para sa katotohanan, nabubuhay para sa Diyos, at nabubuhay para sa kung ano ang makatarungan. Ito ang wangis ng isang tunay na tao.

Hinango mula sa "Kailangang Maunawaan ng Tao na May mga Pagkakatulad at Pagkakaiba sa Likas na Pagkatao ng mga Tao" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

47. Ang mga Prinsipyo ng Totoong Pagkakilala sa Sarili

(1) Kung nagninilay-nilay ka tungkol sa iyong sarili at nauunawaan mo ang iyong sarili at sinusukat mo ang iyong sarili batay sa mga paghatol at pagbubunyag ng mga salita ng Diyos, magagawa mong makita ang sarili mong kapangitan at kasamaan;

(2) Pinakatunay ang pagkakilala sa sarili na nagmumula sa pagkalantad ng tiwaling disposisyon ng isang tao sa gitna ng mga pagsubok at pagpipino, pati na habang siya ay tinatabas at winawasto, at, sa pamamagitan nito, maaaring lubusang makumbinsi ang isang tao;

(3) Kapag nakararanas ng mga dagok, siyasating mabuti kung ano ang nagsasanhi sa iyo na mabigo at bumagsak, pati na kung ano ang pumipigil sa iyo na nagbunga ng gayong kinahinatnan. Magawang makita ang iyong kalikasan at diwa;

(4) Ang pinakamadaling paraan upang makitang malinaw ang iyong kalikasang diwa, at ang mga nabubunyag na bahagi ng iyong tiwaling disposisyon, ay ang magnilay-nilay sa landas na iyong nilalakaran at kung ano ang nagbibigay sa iyo ng motibasyon na gampanan ang iyong tungkulin.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Para makilala ng mga tao ang kanilang sarili, maraming iba't ibang pamamaraang nagamit ang Diyos. Tinutulutan Niya ang mga tao na unti-

unting magtamo ng kaalaman tungkol sa kanilang sarili sa pamamagitan ng karanasan. Sa mga pagsubok man, paghatol o pagkastigo, tinutulutan ng Diyos na magkaroon ng walang-humpay na karanasan ang mga tao sa Kanyang mga salita at sa totoong mga pangyayari. Nagdaranas ang mga tao ng paghatol, pagkastigo at pagdisiplina ng mga salita ng Diyos, at nagdaranas din sila ng kaliwanagan at pagpapalinaw ng mga salita ng Diyos. Kasabay nito, tinutulutan Niya ang mga tao na kilalanin ang kanilang katiwalian, pagiging mapanghimagsik, at likas na pagkatao. Kaya ano ang panghuling mithiin ng lahat ng ito? Ang panghuling mithiin nito ay tulutan ang bawat tao na maranasan ang gawain ng Diyos para malaman kung ano ang mga tao. Ano ang kabilang sa "kung ano ang mga tao"? Kabilang dito ang pagtutulot sa mga tao na kilalanin ang sarili nilang identidad, posisyon, tungkulin, at responsibilidad. Iyon ay para malaman mo kung sino ang mga tao at kung sino ka mismo. Ito ang huling mithiin ng pagtutulot ng Diyos na makilala ng mga tao ang kanilang sarili.

Hinango mula sa "Ang Diyos Mismo, ang Natatangi III" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang susi sa pagkakamit ng pagbabago sa disposisyon ay ang malaman ng isang tao ang kanyang sariling kalikasan, at kailangang mangyari ito alinsunod sa mga pagbubunyag mula sa Diyos. Sa salita lamang ng Diyos malalaman ng isang tao ang sarili niyang kasuklam-suklam na kalikasan, makikilala sa sarili niyang kalikasan ang iba't ibang lason ni Satanas, matatanto na siya ay hangal at mangmang, at matutukoy ang mahihina at mga negatibong elemento sa kanyang kalikasan. Pagkatapos malaman nang lubusan ang mga ito, at talagang nagagawa mong kamuhian ang sarili mo at talikdan ang laman, palaging isagawa ang salita ng Diyos, at maging handa na lubusang magpasakop sa Banal na Espiritu at sa salita ng Diyos, nasimulan mo nang tumahak sa landas ni Pedro.

Hinango mula sa "Ang Kilalanin ang Sarili ay Pangunahing Tungkol sa Pagkilala sa Pantaong Kalikasan" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Para makilala mo ang iyong sarili, kailangan mong malaman ang iyong sariling mga pagpapahayag ng katiwalian, ang malalaki mong kahinaan, ang disposisyon mo, at ang kalikasang diwa mo. Kailangan mo ring malaman, hanggang sa pinakahuling detalye, yaong mga bagay na nahahayag sa iyong pang-araw-araw na buhay—ang iyong mga motibo, mga pananaw, at saloobin sa bawat bagay—nasa bahay ka man o nasa labas, kapag nasa mga pagtitipon ka, kapag kumakain at umiinom ka ng mga salita ng Diyos, o sa bawat isyung kinakaharap mo. Sa pamamagitan ng mga bagay na ito kailangan mong makilala ang iyong sarili. Para makilala mo nang mas malalim ang iyong sarili, kailangan mong sangkapan ang sarili mo ng mga salita ng Diyos; magkakamit ka lamang ng mga resulta kapag nakilala mo ang iyong sarili batay sa Kanyang mga salita.

Hinango mula sa “Ang Kahalagahan ng Paghahabol sa Katotohanan at ang Landas ng Paghahabol Dito” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kapag binabasa ang Kanyang mga salita, hindi nakatuon si Pedro sa pag-unawa sa mga doktrina at siya ay lalo pang hindi nakatuon sa pagkakamit ng kaalamang pangteolohiya; sa halip, siya ay nakatuon sa pag-unawa sa katotohanan at pag-unawa sa kalooban ng Diyos, at pagtatamo ng pagkaunawa ng Kanyang disposisyon at ng Kanyang pagiging kaibig-ibig. Sinubukan din niyang unawain ang iba’t ibang tiwaling mga kalagayan ng tao mula sa mga salita ng Diyos, at unawain ang tiwaling kalikasan ng tao at ang tunay na mga pagkukulang ng tao, tinatamo ang lahat ng aspeto ng mga hinihiling ng Diyos sa tao upang mapalugod Siya. Nagkaroon siya ng napakaraming wastong mga pagsasagawa sa loob ng mga salita ng Diyos; ito ay halos naaayon sa kalooban ng Diyos, at ito ang pinakamahusay na pakikipagtulungan ng tao sa kanyang karanasan sa gawain ng Diyos. Habang dumaranas ng daan-daang pagsubok ng Diyos, mahigpit niyang sinuri ang kanyang sarili ayon sa bawat salita ng paghatol ng Diyos sa tao, bawat salita ng paghahayag Niya sa tao, at bawat salita ng Kanyang mga kahilingan sa tao, at sinikap

na unawain ang kahulugan ng mga pagbikas na iyon. Masigasig niyang pinagnilayan at isinaulo ang bawat salitang sinabi sa kanya ni Jesus, at napakaganda ng nakamtan niyang mga resulta. Sa ganitong paraan ng pagsasagawa, naunawaan niya ang kanyang sarili mula sa mga salita ng Diyos, at hindi lang ang iba't ibang tiwaling kalagayan ng tao ang naunawaan niya, kundi pati na ang diwa, likas na pagkatao, at ang iba't ibang pagkukulang ng tao. Ito ang kahulugan ng tunay na maunawaan ang sarili.

Hinango mula sa "Paano Lakaran Ang Landas ni Pedro" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang hinangad ni Pedro ay makilala ang kanyang sarili at makita kung ano ang naihayag sa kanya sa pamamagitan ng pagpipino ng mga salita ng Diyos at sa loob ng iba't ibang pagsubok na ibinigay sa kanya ng Diyos. Nang totoong mangyari na makilala niya ang sarili, natanto ni Pedro kung gaano kalalim ang pagkatiwali ng mga tao, kung gaanong walang halaga at hindi karapat-dapat sila sa paglilingkod sa Diyos, at hindi sila nararapat na mabuhay sa Kanyang harap. Nang magkagayon ay nagpatirapa si Pedro sa harap ng Diyos. Sa huli, naisip niya, "Ang makilala ang Diyos ang pinakamahalagang bagay! Kung mamamatay ako bago ko Siya makilala, magiging kalunos-lunos ito; nararamdaman ko na ang makilala ang Diyos ang pinakamahalaga, pinakamakahulugang bagay na mayroon. Kung hindi kilala ng tao ang Diyos, wala siyang karapatang mabuhay at walang buhay." Nang umabot na sa ganitong punto ang karanasan ni Pedro, nalaman na niya ang kanyang sariling kalikasan at nakapagtamo na ng mabuti-buting pag-unawa nito. Bagama't marahil ay hindi niya magagawang ipaliwanag ito nang kasinglinaw na magagawa ng mga tao ngayon, sadyang naabot na ni Pedro ang kalagayang ito. Samakatwid, ang pagsisikap na matamo ang buhay at ang pagtatamo ng pagpeperpekto ng Diyos ay nangangailangan ng pagkakilala sa sariling kalikasan ng isang tao mula sa loob ng mga pahayag ng Diyos, gayundin ng pag-unawa sa mga aspekto ng likas na katangian ng isang tao at wastong paglalarawan nito

sa mga salita, nang malinaw at payak na nagsasalita. Ito lamang ang tunay na pagkakilala sa iyong sarili, at natamo mo na ang resultang hinihingi ng Diyos. Kung ang iyong kaalaman ay hindi pa umabot sa puntong ito, subalit sinasabi mo na naunawaan mo ang iyong sarili at sinasabing nagtamo ka ng buhay, hindi ba't nagyayabang ka lamang? Hindi mo kilala ang iyong sarili, o hindi mo alam kung ano ka sa harap ng Diyos, kung totoo mang naabot mo ang mga pamantayan ng pagiging tao, o gaano karami ang mga malasatanas na elementong taglay pa rin ng iyong loob. Hindi pa rin malinaw sa iyo ang tungkol sa kung kanino ka nabibilang, at wala ka man lamang ng anumang pagkakilala sa sarili—kaya't paano ka magtataglay ng katwiran sa harap ng Diyos? Nang naghahanap si Pedro ng buhay, nakatutok siya sa pag-unawa sa kanyang sarili at pagbabagong-anyo ng kanyang disposisyon sa gitna ng mga pagsubok sa kanya, at nagsikap siya na makilala ang Diyos, at sa huli, naisip niya, "Dapat maghanap ang mga tao ng pagkaunawa sa Diyos sa buhay; ang makilala Siya ang pinakakritikal na bagay. Kung hindi ko kilala ang Diyos, kung gayon ay hindi ako makapagpapahinga nang payapa kapag namatay ako. Sa sandaling makilala ko Siya, at nilayon ng Diyos na mamatay na ako, makadarama pa rin ako ng labis na pasasalamat na gawin iyon; hindi ako magrereklamo nang bahagya man, at mapupuspos ang buong buhay ko." Hindi nagawa ni Pedro na matamo ang antas na ito ng pag-unawa o kagyat na marating ang dakong ito pagkaraang masimulan niya na maniwala sa Diyos; kinailangan muna niyang sumailalim sa napakaraming pagsubok. Kinailangan munang umabot ang kanyang karanasan sa isang tiyak na mohon, at kinailangan niyang ganap na maunawaan ang sarili, bago niya madama ang halaga na makilala ang Diyos. Samakatwid, ang landas na tinahak ni Pedro ay yaong makapagtatamo ng buhay at makagagawang perpekto; ito ang aspekto na pangunahing pinagtuunan ng kanyang tiyak na gawain.

Hinango mula sa "Paano Lakaran Ang Landas ni Pedro" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Anong mga bagay ang bumubuo sa kalikasan ng isang tao? Ang alam mo lamang ay ang katiwalian, pagsuway, mga pagkukulang, mga depekto, mga pagkaintindi, at mga hangarin ng tao, at hindi mo nagagawang tuklasin ang mga bagay na nasa kaibuturan ng kalikasan ng tao. Ang alam mo lamang ay ang panlabas na anyo, nang hindi nagagawang tuklasin ang pinagmulan nito at hindi ito nagsisilbing kaalaman tungkol sa kalikasan ng tao. Iniisip pa ng ilan na kalikasan ng tao ang paimbabaw na mga bagay na ito, na sinasabing, “Alam mo, nauunawaan ko ang kalikasan ng tao; inaamin ko ang aking kayabangan. Hindi ba iyan ang kalikasan ng tao?” Ang kayabangan ay bahagi ng kalikasan ng tao na talagang totoo iyan. Gayunman, hindi sapat na kilalanin iyan ayon sa pakahulugan ng doktrina. Ano ang ibig sabihin ng malaman ang sariling kalikasan? Paano ito malalaman? Mula sa anong mga aspeto ito nalalaman? Bukod pa riyan, paano ba talaga dapat tingnan ang kalikasan ng isang tao sa pamamagitan ng mga bagay na kanyang ibinubunyag? Una sa lahat, makikita mo ang kalikasan ng tao sa pamamagitan ng kanyang mga interes. Halimbawa, mahilig talagang magsayaw ang ilan, ang ilan naman ay talagang mahilig sa mga mang-aawit o sa mga artista sa pelikula, at ang ilan ay talagang iniidolo ang ilang tanyag na tao. Mula sa mga interes na ito, makikita natin kung ano ang likas na pagkatao ng mga taong ito. Halimbawa: Maaaring talagang iniidolo ng ilan ang isang partikular na mang-aawit, hanggang sa punto pang nahuhumaling na sila sa bawat galaw, bawat ngiti, at bawat salita nito. Nakatutok sila sa mang-aawit, at kinukunan pa nila ng litrato ang lahat ng isinusuot nito at ginagaya iyon. Ano ang ipinapakita ng ganitong antas ng pag-idolo tungkol sa kalikasang ito ng isang tao? Ipinapakita nito na ang mga bagay na iyon lang ang nasa puso ng gayong tao, at hindi ang Diyos. Ang lahat ng mga bagay na iniisip, minamahal, at hinahangad ng taong ito ay mula kay Satanas; nananahan ang mga ito sa puso ng taong ito, na bumigay na sa mga bagay na iyon. Ano ang problema rito? Kung sukdulan ang pagmamahal sa isang bagay, maaaring ang bagay na iyon ay maging buhay ng isang tao at sakupin ang kanyang puso, na lubos na nagpapatunay na ang taong iyon ay sumasamba sa idolo at ayaw sa Diyos

at sa halip ay minamahal ang diyablo. Samakatuwid, masasabi natin na ang kalikasan ng gayong tao ay isa na nagmamahal at sumasamba sa diyablo, hindi nagmamahal sa katotohanan, at ayaw sa Diyos. Hindi ba ito ang tamang pagmalas sa kalikasan ng isang tao? Ganap na tama ito. Ganito hinihimay ang kalikasan ng tao. Halimbawa, masyadong iniidolo ng ilang tao si Pablo. Gusto nilang lumabas at magbigay ng mga talumpati at gumawa, gusto nilang dumadalo sa mga pagtitipon at mangaral, at gusto nila na pinakikinggan sila ng mga tao, sinasamba sila, at umiikot sa kanila. Gusto nilang magkaroon ng katayuan sa isipan ng iba, at natutuwa sila kapag pinahahalagahan ng iba ang larawang ipinakikita nila. Pag-aralan natin ang kanilang likas na pagkatao mula sa mga pag-uugaling ito: Ano ang kanilang likas na pagkatao? Kung ganito talaga silang kumilos, sapat na iyan upang ipakita na sila ay mayabang at hambog. Ni hindi man lang nila sinasamba ang Diyos; naghahangad sila ng mas mataas na katayuan at nangangarap na magkaroon ng awtoridad sa iba, na ariin sila, at magkaroon ng katayuan sa kanilang isipan. Ito ang klasikong larawan ni Satanas. Ang namumukod na mga aspeto ng kanilang likas na pagkatao ay kayabangan at kahambugan, ayaw nilang sambahin ang Diyos, at nais nilang sambahin sila ng iba. Ang gayong mga pag-uugali ay maaaring magbigay sa iyo ng napakalinaw na pagtingin sa kanilang likas na pagkatao.

Hinango mula sa “Paano Malalaman ang Kalikasan ng Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Pagdating sa pag-alam sa kalikasan ng tao, ang pinakamahalaga ay makita ito mula sa pananaw ng pagtingin ng tao sa mundo, pagtingin sa buhay, at mga pinahahalagahan. Yaong mga kampon ng diyablo ay nabubuhay na lahat para sa kanilang mga sarili. Ang pagtingin nila sa buhay at mga salawikain ay kalimitang nagmumula sa mga kasabihan ni Satanas, tulad ng, “Bawat tao para sa kanyang sarili at bahala na ang iba.” Ang mga salitang sinambit ng mga diyablong haring iyon, ng matatayog, at ng mga pilosopo sa lupa ay naging ang mismong buhay ng tao. Lalo na,

karamihan sa mga salita ni Confucius, na ipinangangalandakan ng mga Chinese na isang “pantas,” ay naging buhay na ng tao. Mayroon ding mga bantog na kasabihan ng Buddhism at Taoism, at ang madalas-sipiin na mga klasikong kasabihan ng iba’t ibang tanyag na tao; lahat ng ito ay mga balangkas ng mga pilosopiya ni Satanas at kalikasan ni Satanas. Ang mga ito rin ang pinakamahusay na paglalarawan at paliwanag tungkol sa kalikasan ni Satanas. Ang mga lason na ito na naipasok sa puso ng tao ay nagmumulang lahat kay Satanas; ni katiting ay walang nagmumula sa Diyos. Ang mga malademonyong salita na iyon ay diretsahan ding kumokontra sa salita ng Diyos. Napakalinaw na ang mga realidad ng lahat ng positibong bagay ay nagmumula sa Diyos, at lahat ng negatibong bagay na iyon na lumalason sa tao ay nagmumula kay Satanas. Samakatuwid, natatalos mo ang kalikasan ng isang tao at kung kanino siya kabilang mula sa pagtingin niya sa buhay at mga pinahahalagahan. Ginagawang tiwali ni Satanas ang mga tao sa pamamagitan ng edukasyon at impluwensya ng mga pambansang pamahalaan at ng mga sikat at dakila. Ang kanilang mga malademonyong salita ay naging buhay kalikasan na ng tao. Ang “Bawat tao para sa kanyang sarili at bahala na ang iba” ay isang sikat na mala-satanas na kasabihan na naikintal na sa lahat at iyan ay naging buhay na ng tao. May iba pang salita ng pilosopiya para sa pamumuhay na katulad rin nito. Ginagamit ni Satanas ang mainam na tradisyunal na kultura ng bawa’t bayan para turuan ang mga tao, nagsasanhi sa sangkatauhan na mahulog at masadlak sa isang walang-hanggang bangin ng pagkawasak, at sa huli ay winawasak ng Diyos ang tao dahil naglilingkod sila kay Satanas at nilalabanan ang Diyos. Isipin na kunwari’y itinatanong mo ito sa isang tao na maraming taon nang aktibo sa lipunan, “Ipagpalagay nang nabubuhay ka na sa mundo at napakarami mo nang nagawa, anong mga bantog na kasabihan ang batayan mo sa buhay?” Maaaring sabihin niya, “Ang pinakamahalaga ay ‘Hindi gagalawin ng mga opisyal ang mga sipsip sa kanila, at ang mga hindi nambobola ay walang mapapala.’” Hindi ba kumakatawan ang mga salitang ito sa kanyang likas na pagkatao? Naging kalikasan na niya ang walang-pakundangang paggamit ng anumang

paraan para makakuha ng katungkulan, at ang pagiging opisyal ang nagbibigay-buhay sa kanya. Marami pa ring mala-satanas na lason sa buhay ng mga tao, sa kanilang pag-uugali at asal; halos wala man lamang silang taglay na katotohanan. Halimbawa, ang mga pilosopiya nila sa pamumuhay, ang kanilang mga paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay, at kanilang mga kasabihan ay pawang puno ng mga lason ng malaking pulang dragon, at lahat ng ito ay galing kay Satanas. Kaya, lahat ng dumadaloy sa mga buto at dugo ng mga tao ay pawang kay Satanas. Lahat ng opisyal na iyon, na may kapangyarihan, at yaong mga nagtatagumpay ay may sarili nilang landas at lihim sa tagumpay. Hindi ba lubos na kumakatawan ang mga lihim na iyon sa kanilang likas na pagkatao? Napakalaki ng mga nagawa nila sa mundo, at walang sinumang nakakaaninag sa mga pakana at intrigang nasa likod ng mga iyon. Nagpapakita ito na lubhang masama at makamandag ang kanilang likas na pagkatao. Labis nang nagawang tiwali ni Satanas ang sangkatauhan. Ang kamandag ni Satanas ay dumadaloy sa dugo ng bawat tao, at makikita na ang kalikasan ng tao ay tiwali, masama, at radikal, puno ng at lubos na nakalubog sa mga pilosopiya ni Satanas—ito, sa kabuuan nito, ay isang likas na pagkatao na nagtataksil sa Diyos. Ito ang dahilan kaya nilalabanan at sinasalungat ng mga tao ang Diyos. Madaling makikilala ng tao ang kanyang sarili kung masusuri ang kanyang kalikasan sa ganitong paraan.

Hinango mula sa “Paano Malalaman ang Kalikasan ng Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang mga tao ay may lubhang napakababaw na pagkaunawa sa kanilang sariling kalikasan, at may napakalaking pagkakaiba sa pagitan nito at ng mga salita ng paghatol at pahayag ng Diyos. Hindi ito isang pagkakamali sa kung ano ang ibinubunyag ng Diyos, kundi ito ay ang kakulangan sa malalim na pagkaunawa ng mga tao tungkol sa sarili nilang likas na pagkatao. Ang mga tao ay walang pangunahin o malaking pagkaunawa sa kanilang mga sarili; sa halip, sila ay nakatuon at naglalaan ng kanilang lakas sa kanilang mga pagkilos at panlabas na mga

pagpapahayag. Kahit may nagsabi ng isang bagay paminsan-minsan tungkol sa pagkaunawa sa kanyang sarili, hindi ito magiging napakalalim. Walang sinuman ang kailanma'y nag-isip na siya ay ganitong uri ng tao o may ganitong uri ng kalikasan sanhi ng pagkakagawa ng ganitong uri ng bagay o pagkakabunyag ng isang bagay. Naibunyag ng Diyos ang likas na pagkatao at diwa ng sangkatauhan, subali't nauunawaan ng mga tao na ang kanilang paraan nang paggawa ng mga bagay-bagay at kanilang paraan ng pananalita ay may kapintasan at depektibo; samakatuwid, isang nakapapagod na gawain para sa mga tao na isagawa ang katotohanan. Iniisip ng mga tao na ang kanilang mga pagkakamali ay pansamantalang mga pagpapakita lamang na nabubunyag nang walang ingat sa halip na pagiging mga kapahayagan ng kanilang kalikasan. Ang mga taong ganito kung mag-isip ay hindi maaaring isagawa ang katotohanan, dahil hindi nila matanggap ang katotohanan bilang katotohanan at hindi sila nauuhaw sa katotohanan; samakatuwid, kapag isinasagawa ang katotohanan, sila ay basta sumusunod lamang sa mga tuntunin. Hindi itinuturing ng mga tao na lubhang tiwali ang kanilang sariling likas na pagkatao, at naniniwala na hindi naman sila ganoon kasama para puksain o parusahan. Iniisip nila na maliit na bagay lamang ang magsinungaling paminsan-minsan, at itinuturing nila ang kanilang sarili na mas mabuti kaysa rati; subali't, sa katunayan, napakalayo nila sa pag-abot sa pamantayan, sapagka't ang mga tao ay mayroon lamang ilang mga pagkilos na sa panlabas ay hindi lumalabag sa katotohanan, kapag hindi nila aktwal na isinasagawa ang katotohanan.

Hinango mula sa "Pag-unawa sa Likas na Pagkatao ng Isang Tao at Pagsasagawa ng Katotohanan" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sa mga panahong ito, halos lahat ng tao ay may napakababaw na pagkaunawa sa kanilang sarili. Ni hindi man lang nila nalalaman nang malinaw ang mga bagay na bahagi ng kanilang likas na pagkatao. Alam lamang nila ang ilan sa kanilang tiwaling kalagayan, ang mga bagay na malamang na gagawin nila, o ang ilan sa kanilang mga pagkukulang, at

pinaniniwala sila ng mga ito na kilala nila ang kanilang sarili. Bukod pa riyan, kung sumusunod sila sa ilang panuntunan, tinitiyak nila na hindi sila nagkakamali sa ilang aspeto, at nagagawa nilang umiwas na makagawa ng ilang paglabag, pagkatapos ay itinuturing nila ang kanilang sarili na nagtataglay ng realidad sa kanilang pananalig sa Diyos at ipinapalagay na sila ay maliligtas. Ganap na imahinasyon ito ng tao. Kung sumusunod ka sa mga bagay na iyon, talaga bang mapipigilan mong gumawa ng anumang mga paglabag? Tunay na bang nagbago ang iyong disposisyon? Talaga bang namumuhay ka nang tulad ng isang tao? Tunay mo bang mapapalugod ang Diyos sa gayong paraan? Siguradong hindi, tiyak iyan. Gumagana lamang ang pananalig sa Diyos kapag mataas ang mga pamantayan ng isang tao at natamo na ang katotohanan at kaunting pagbabago sa disposisyon sa buhay. Kaya, kung napakababaw ng kaalaman ng mga tao tungkol sa kanilang sarili, makikita nila na imposibleng lutasin ang mga problema, at talagang hindi magbabago ang kanilang disposisyon sa buhay. Kailangang makilala nang malalim ng isang tao ang kanyang sarili, na ibig sabihi'y malaman ng isang tao ang kanyang sariling likas na pagkatao: anong mga elemento ang kasama sa pagkataong iyon, paano nagsimula ang mga bagay na ito, at saan nanggaling ang mga ito. Bukod pa riyan, talaga bang nagagawa mong kamuhian ang mga bagay na ito? Nakita mo na ba ang sarili mong pangit na kaluluwa at likas na kasamaan? Kung talagang nagagawa mong makita ang katotohanan tungkol sa iyong sarili, magsisimula kang kasuklaman ang iyong sarili. Kapag kinasuklaman mo ang iyong sarili at pagkatapos ay isinagawa mo ang salita ng Diyos, magagawa mong talikuran ang laman at magkakaroon ka ng lakas na isagawa ang katotohanan nang walang hirap. Bakit maraming taong sumusunod sa kagustuhan ng kanilang laman? Dahil itinuturing nila ang kanilang sarili na mahusay, na nadarama na tama at makatwiran ang kanilang ikinikilos, na wala silang kamalian, at na talaga ngang tama sila, samakatuwid ay maaari silang kumilos na ipinapalagay na nasa panig nila ang katarungan. Kapag kinikilala ng isa kung ano ang tunay niyang kalikasan—gaano kapangit, gaano kasuklam-suklam, at

gaano kaawa-awa—hindi na niya ipinagmamalaki nang labis ang kaniyang sarili, hindi na masyadong mapagmataas, at hindi na gaanong nasisiyahan sa kaniyang sarili tulad ng dati. Nararamdaman ng gayong tao, “Kailangan kong maging masigasig at makatotohanan, at isagawa ang ilan sa mga salita ng Diyos. Kung hindi, ako ay hindi aabot sa pamantayan ng pagiging tao, at mahihiyang mamuhay sa harapan ng Diyos.” Nakikita niyang tunay ang sarili bilang napakahamak, bilang totoong walang halaga. Sa pagkakataong ito ay nagiging madali para sa isa na isakatuparan ang katotohanan, at ang isa ay mas magmumukhang katulad ng kung ano dapat ang isang tao. Kapag tunay na kinasuklaman ng mga tao ang kanilang sarili, saka lang nila nagagawang talikuran ang laman. Kung hindi nila kinasusuklaman ang kanilang sarili, hindi nila magagawang talikuran ang laman. Ang tunay na pagkamuhi sa sarili ay binubuo ng ilang bagay: Una, pagkaalam sa sariling likas na pagkatao; at pangalawa, pagkakita sa sarili na nangangailangan at kaawa-awa, pagkakita sa sarili na napakahamak at walang kabuluhan, at pagkakita sa sariling kaawa-awa at maruming kaluluwa. Kapag lubos na nakikita ng isang tao kung ano siya talaga, at ito ang kinahinatnan, talagang nagtatamo siya ng kaalaman tungkol sa sarili, at masasabi na lubos na niyang nakilala ang kanyang sarili. Saka lamang niya talaga maaaring kamuhian ang kanyang sarili, hanggang sa isumpa niya ang kanyang sarili, at talagang madama niya na labis siyang nagawang tiwali ni Satanas kaya ni hindi siya mukhang tao. Sa gayon, balang araw, kapag lumitaw ang panganib ng kamatayan, iisipin ng taong iyon, “Ito ang matuwid na parusa ng Diyos. Tunay ngang matuwid ang Diyos; dapat talaga akong mamatay!” Sa puntong ito, hindi siya magrereklamo, lalo nang hindi niya sisisihin ang Diyos, nadarama lamang na siya ay talagang nangangailangan at kaawa-awa, napakarumi at napakatiwali kaya dapat siyang puksain ng Diyos, at ang isang kaluluwang katulad ng sa kanya ay hindi nababagay na mabuhay sa lupa. Sa puntong ito, hindi lalabanan ng taong ito ang Diyos, lalo nang hindi siya magtataksil sa Diyos. Kung hindi nakikilala ng isang tao ang kanyang sarili, at itinuturing pa rin ang sarili niya na mahusay, iisipin ng taong ito kapag

malapit na siyang mamatay, “Napakabuti ng nagawa ko sa aking pananampalataya. Talagang nagsumikap ako sa paghahanap! Napakarami kong naibigay, nagdusa ako nang todo, subalit sa huli, hinihingi sa akin ngayon ng Diyos na mamatay ako. Hindi ko alam kung nasaan ang katuwiran ng Diyos. Bakit Niya hinihingi sa aking mamatay ako? Kung kailangang mamatay pati ang isang taong katulad ko, sino na lang ang maliligtas? Hindi ba magwawakas ang lahi ng tao?” Una sa lahat, ang taong ito ay may mga palagay tungkol sa Diyos. Pangalawa, ang taong ito ay nagrereklamo, at hindi nagpapakita ng anumang pagpapasakop. Katulad lang siya ni Pablo: Noong malapit na siyang mamatay, hindi niya kilala ang kanyang sarili, at noong malapit na ang parusa ng Diyos, huli na para magsisi.

Hinango mula sa “Ang Kilalanin ang Sarili ay Pangunahing Tungkol sa Pagkilala sa Pantaong Kalikasan” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kaya nga, habang hinahatulan Ko kayo nang ganito ngayon, anong antas ng pagkaunawa ang tataglayin ninyo sa huli? Sasabihin ninyo na bagama’t hindi mataas ang inyong katayuan, nasiyahan pa rin kayo sa pagtataas ng Diyos. Dahil hamak ang inyong pagsilang ay wala kayong magandang katayuan, ngunit nagtatamo kayo ng magandang katayuan dahil itinataas kayo ng Diyos—ito ay isang bagay na ipinagkaloob Niya sa inyo. Ngayon ay personal ninyong nagagawang tumanggap ng pagsasanay ng Diyos, ng Kanyang pagkastigo, at ng Kanyang paghatol. Ito, higit pa, ay Kanyang pagtataas. Nagagawa ninyong personal na tumanggap ng Kanyang pagdadalisay at pagsunog. Ito ay dakilang pagmamahal ng Diyos. Sa nagdaang mga kapanahunan wala ni isang tao ang nakatanggap ng Kanyang pagdadalisay at pagsunog, at wala ni isang tao ang nagawang perpekto ng Kanyang mga salita. Ang Diyos ay nakikipag-usap sa inyo ngayon nang harapan, dinadalisay kayo, ibinubunyag ang pagkasuwail ng inyong kalooban—tunay na ito ay Kanyang pagtataas. Anong mga kakayahan ang taglay ng mga tao? Mga anak man sila ni David o mga inapo ni Moab, sa kabuuan, ang mga tao ay mga nilalang na walang

nararapat na ipagmayabang. Dahil kayo ay mga nilalang ng Diyos, kailangan ninyong gampanan ang tungkulin ng isang nilalang. Wala nang iba pang mga hinihiling sa inyo. Ganito kayo dapat manalangin: “Diyos ko! May katayuan man ako o wala, nauunawaan ko na ngayon ang aking sarili. Kung mataas ang katayuan ko iyon ay dahil sa Iyong pagtataas, at kung ito ay mababa iyon ay dahil sa Iyong pagtatalaga. Lahat ay nasa Iyong mga kamay. Wala akong anumang mga pagpipilian, ni anumang mga reklamo. Itinalaga Mo na maisilang ako sa bansang ito at sa piling ng mga taong ito, at ang dapat ko lamang gawin ay maging ganap na masunurin sa ilalim ng Iyong kapamahalaan dahil lahat ay nakapaloob sa Iyong naitalaga. Hindi ko iniisip ang katayuan; matapos ang lahat, isa lamang akong nilalang. Kung ilalagay Mo ako sa walang-hanggang kalaliman, sa lawa ng apoy at asupre, isa lamang akong nilalang. Kung kakasangkapanin Mo ako, isa lamang akong nilalang. Kung gagawin Mo akong perpekto, isa pa rin akong nilalang. Kung hindi Mo ako gagawing perpekto, mamahalin pa rin Kita dahil isa lamang akong nilalang. Isa lamang akong napakaliit na nilalang na nilikha ng Panginoon ng paglikha, isa lamang sa lahat ng taong nilikha. Ikaw ang lumikha sa akin, at muli Mo ako ngayong inilagay sa Iyong mga kamay upang gawin sa akin ang gusto Mo. Handa akong maging Iyong kasangkapan at Iyong hambingan dahil lahat ay kung ano ang Iyong naitalaga. Walang sinuman na maaaring baguhin ito. Lahat ng bagay at lahat ng pangyayari ay nasa Iyong mga kamay.” Kapag dumating ang panahon na hindi mo na iniisip ang katayuan, makakalaya ka na roon. Saka mo lamang magagawang maghanap nang may tiwala at tapang, at saka lamang magiging malaya ang puso mo sa anumang mga paghihigpit. Kapag napalaya na ang mga tao mula sa mga bagay na ito, mawawalan na sila ng mga alalahanin.

Hinango mula sa “Bakit Ayaw Mong Maging Hambingan?” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Hindi alam ni Pablo ang sarili niyang kakanyahan o katiwalian, lalong hindi niya alam ang sarili niyang pagsuway. Hindi niya binanggit kailanman

ang kanyang kasuklam-suklam na paglaban kay Cristo, ni hindi siya masyadong nagsisi. Nag-alok lamang siya ng maikling paliwanag at, sa kaibuturan ng kanyang puso, hindi siya lubusang nagpasakop sa Diyos. Bagama't nahulog siya sa daan patungong Damasco, hindi siya tumingin sa kanyang sariling kaibuturan. Kuntento na siyang patuloy lamang na gumawa, at hindi niya itinuring na pinakamahalaga sa mga problema ang kilalanin ang kanyang sarili at baguhin ang kanyang dating disposisyon. Masaya na siya sa pagsasalita lamang ng katotohanan, sa pagtustos sa iba bilang pampalubag sa sarili niyang konsiyensya, at sa pagtigil sa pag-usig sa mga disipulo ni Jesus upang aliwin ang kanyang sarili at patawarin ang kanyang sarili para sa kanyang nakaraang mga kasalanan. Ang mithiing kanyang pinagsikapang matamo ay walang iba kundi isang korona sa hinaharap at panandaliang gawain, ang mithiing kanyang pinagsikapang matamo ay saganang biyaya. Hindi siya naghangad ng sapat na katotohanan, ni hindi siya naghangad na maunawaan nang mas malalim ang katotohanang hindi niya naunawaan noon. Samatuwid ay masasabi na ang kanyang kaalaman tungkol sa kanyang sarili ay mali, at hindi siya tumanggap ng pagkastigo o paghatol. Hindi komo nakaya niyang gumawa ay mayroon siyang kaalaman tungkol sa kanyang sariling likas na pagkatao o kakanyahan; ang kanyang tuon ay nasa panlabas na mga pagsasagawa lamang. Ang kanyang pinagsumikapan, bukod pa riyan, ay hindi pagbabago, kundi kaalaman. Ang kanyang gawain ay ang lubos na resulta ng pagpapakita ni Jesus sa daan patungong Damasco. Hindi iyon isang bagay na orihinal niyang naipasiyang gawin, ni hindi ito gawaing naganap matapos niyang matanggap ang pagtatabas ng kanyang dating disposisyon. Paano man siya gumawa, hindi nagbago ang kanyang dating disposisyon, kaya nga ang kanyang gawain ay hindi naging bayad para sa dati niyang mga kasalanan kundi gumanap lamang ng isang papel sa mga iglesia noong panahong iyon. Para sa isang taong tulad nito, na ang dating disposisyon ay hindi nagbago—ibig sabihin, hindi nagkamit ng kaligtasan, at lalo pang walang taglay na katotohanan—talagang wala siyang kakayahang maging isa sa mga tinanggap ng Panginoong Jesus.

Hinango mula sa “Ang Tagumpay o Kabiguan ay Depende sa Landas na Tinatahak ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung mas bumubuti ang iyong kakayahan sa pagtuklas ng iyong sariling katiwalian, mas nagiging tumpak ang pagtuklas na ito, at mas higit mong mababatid ang iyong sariling diwa, at mas malamang na ikaw ay maliligtas at higit kang mapapalapit sa kaligtasan. Kung mas lumiliit ang iyong kakayahang matuklasan ang iyong mga suliranin, mas lalo mong iisipin na ikaw ay isang mabuting tao, isang tao na lubhang dakila, at dahil dito, lalo kang napapalayo mula sa landas na patungo sa kaligtasan, at ikaw ay nasa malaking panganib pa rin. Sadyang may hamak na katayuan ang sinumang gumugugol ng buong araw sa pagpaparada ng kanilang sarili—nagpapasikat ng kanilang mga nagawa, nagsasabing sila ay mahusay sa pagsasalita, makatuwiran, nakaka-unawa sa katotohanan, at may kakayahang gumawa ng mga pagpapakasakit kapag isinasagawa nila ang katotohanan. Anong uri ng tao ang may mas malaking pag-asa ng kaligtasan, at may kakayahang tahakin ang landas ng kaligtasan? Silang mga tunay na nakakaunawa sa kanilang tiwaling disposisyon. Kung higit na malalim ang kanilang kaalaman, higit silang napapalapit sa kaligtasan. Ang pagkilala sa iyong tiwaling disposisyon, pagkilala na ikaw ay walang saysay, walang silbi, na ikaw ay isang buhay na Satanas—kapag tunay mong nalalaman ang iyong pinakadiwa, hindi na ito isang mabigat na suliranin. Ito ay isang mabuting bagay, hindi isang masamang bagay. Mayroon bang nagiging mas negatibo habang lalo nilang nakikilala ang kanilang sarili, nag-iisip na: “Tapos na ang lahat, ang paghatol at pagkastigo ng Diyos ay naipataw na sa akin, ito ay kaparusahan at kabayaran, hindi ako gusto ng Diyos at wala akong pag-asa ng kaligtasan”? Ang mga taong ito ba ay magkakaroon ng ganitong mga ilusyon? Sa katunayan, kung mas nakikita ng tao ang kanilang kawalan ng pag-asa, mas malaki ang pag-asa para sa kanila. Hindi sila dapat maging negatibo at hindi dapat sumuko. Ang pagkilala sa iyong sarili ay isang mabuting bagay—ito ang landas na dapat nilang tahakin patungo sa

kaligtasan. Kung ikaw ay lubos na walang malay sa iyong sariling tiwaling disposisyon at sa iyong pinakadiwa, na marami at magkakaiba ang ginagawang pagsalungat sa Diyos, at kung wala ka pang anumang plano na magbago, ikaw ay nasa isang kaguluhan. Ang ganitong mga tao ay naging manhid na, sila ay patay na. Ang mga patay ba ay maaari pang mabuhay muli? Sila ay patay na—hindi na ito maaari.

Hinango mula sa "Kapag Kilala Mo ang Iyong Sarili, Saka Mo Lamang Hahangaring Matamo ang Katotohanan" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

48. Ang mga Prinsipyo ng Taos na Pagsisisi

(1) Tanggapin at magpasakop sa paghatol at pagkastigo ng Diyos. Magawang makita ang katotohanan ng iyong katiwalian, dalisayin ang iyong tiwaling disposisyon, at isabuhay ang wangis ng tao;

(2) Kapag nakagawa ka ng paglabag, magkaroon ng kakayahang kilalanin ang iyong sarili sa pamamagitan ng pagninilay-nilay sa sarili, at magawang hanapin ang katotohanan at kumilos nang ayon sa mga prinsipyo. Magkamit ng totoong pagbabago, at sa gayon maging isang tao na tunay ngang nagpapasakop sa Diyos;

(3) Magawang isagawa at maranasan ang mga salita ng Diyos, iwaksi ang kasinungalingan at pagbabalatkayo, at huwag nang magsinungaling at manlinlang pa; bagkus, gampanang mabuti ang iyong tungkulin bunga ng katapatan, at maging isang matapat na tao;

(4) Maranasan ang paghatol, pagkastigo, mga pagsubok, at pagpipino ng Diyos, makilala ang Kanyang matuwid na disposisyon, at magawang matakot sa Diyos, lumayo sa kasamaan, at mamuhay sa harapan Niya.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Maaaring sabihin na minsan nang sumalungat ang bawat tao sa Diyos at ang bawat tao ay minsan na ring naghimagsik laban sa Diyos. Gayunman, kung kusa kang susunod sa Diyos na nagkatawang-tao, at mula sa sandaling ito ay magbibigay-kasiyahan sa puso ng Diyos sa pamamagitan ng iyong katapatan, pagsasagawa ng katotohanan gaya

nang nararapat, pagganap sa iyong tungkulin gaya nang nararapat, at pagsunod sa mga tuntunin gaya nang nararapat, ikaw nga ay handa nang iwaksi ang iyong pagiging-mapanghimagsik upang bigyang-kasiyahan ang Diyos at magagawang perpekto ng Diyos. Kung may pagmamatigas kang tatanggi na makita ang iyong mga pagkakamali at wala kang intensyon na magsisi, kung ipagpipilitan mo ang iyong mapanghimagsik na pag-uugali na wala ni katiting na intensyong makipagtulungan sa Diyos at mabigyan Siya ng kasiyahan, ang isang taong suwail at hindi na magbabago na tulad mo ay tiyak na parurusahan at siguradong hindi kailanman magiging isa sa mga gagawing perpekto ng Diyos. Kung ganoon, ikaw ay kaaway ng Diyos ngayon at bukas ay kaaway ka pa rin ng Diyos, at sa susunod na araw ay mananatili ka pa ring kaaway ng Diyos. Habambuhay kang magiging kalaban ng Diyos at kaaway ng Diyos. Kung magkagayon, paano ka pakakawalan ng Diyos? Likas sa tao ang sumalungat sa Diyos, ngunit hindi dapat sadyain ng tao ang paghanap sa “sikreto” ng pagsalungat sa Diyos dahil lamang sa ang pagbabago sa kanyang kalikasan ay hindi niya kayang magawa. Kung ganoon, mas mabuti pang lumayo bago maging huli ang lahat, upang ang pagkastigo sa iyo sa hinaharap ay hindi na mas lumala pa, at upang ang iyong malupit na kalikasan ay hindi na sumabog pa at maging mahirap pigilin, hanggang sa ang iyong katawang-laman ay wakasan ng Diyos sa huli. Naniniwala ka sa Diyos upang makatanggap ng mga pagpapala, ngunit kung sa huli ay kasawian lamang ang dumating sa iyo, hindi ba ito magiging isang kahihiyan? Hinihimok ko kayo, mas mabuti pang bumuo kayo ng ibang plano. Anumang bagay na inyong magagawa ay magiging mas mabuti kaysa sa inyong pananalig sa Diyos: Tiyak na hindi maaaring ito lamang ang nag-iisang landas. Hindi ba kayo patuloy na mabubuhay kung hindi kayo naghanap ng katotohanan? Bakit kinakailangang sumalungat kayo sa Diyos sa ganitong paraan?

Hinango mula sa “Lahat ng Taong Hindi Nakakakilala sa Diyos ay mga Taong Sumasalungat sa Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang bawat tao, sa pamumuhay niya sa buhay ng pananampalataya sa

Diyos, ay nakagawa ng mga bagay na lumalaban at nanlilinlang sa Diyos. Hindi kailangang itala bilang pagkakasala ang ilang mga maling gawa, ngunit walang kapatawaran ang ilan; sapagkat maraming gawa ang lumalabag sa mga atas administratibo, na nagkakasala sa disposisyon ng Diyos. Marami sa mga nababahala sa kanilang sariling mga kapalaran ang maaaring magtanong kung anu-ano ang mga gawang ito. Dapat ninyong malamang likas kayong mga mapagmataas at mayayabang, at ayaw magpasakop sa mga katotohanan. Sa dahilang ito, sasabihin Ko sa inyo nang paunti-unti matapos kayong magmuni-muni sa mga sarili ninyo. Hinihimok Ko kayong magkaroon ng mas mahusay na pag-unawa sa nilalaman ng mga atas administratibo, at magsikap alamin ang disposisyon ng Diyos. Kung hindi, mahihirapan kayong panatilihing tikom ang mga labi ninyo, malayang mamamagaypay ng magarbong pananalita ang mga dila ninyo, at hindi sinasadyang magkakasala kayo sa disposisyon ng Diyos at mahuhulog sa kadiliman, na mawawalan ng presensiya ng Banal na Espiritu at ng liwanag. Sapagkat wala kayong prinsipyo sa mga kilos ninyo, sapagkat ginagawa at sinasabi mo ang hindi dapat, tatanggap ka ng naaangkop na ganti. Dapat mong malamang kahit wala kang prinsipyo sa salita at gawa, lubhang maprinsipyo ang Diyos sa dalawang bagay na ito. Pagkakasala sa Diyos, hindi sa isang tao, ang dahilan ng pagkakatanggap mo ng ganti. Kung sa buhay mo marami kang mga pagkakasala sa disposisyon ng Diyos, papunta ka sa pagiging anak ng impiyerno. Para sa tao, maaaring lumitaw na gumawa ka lamang ng iilang mga gawang salungat sa katotohanan, at wala nang iba. Alam mo ba, gayunpaman, na sa mga mata ng Diyos ay isa ka nang taong wala nang nauukol na handog para sa kasalanan? Sapagkat nilabag mo ang mga atas administratibo ng Diyos nang higit sa isang beses at, bukod dito, walang ipinakitang tanda ng pagsisisi, wala nang ibang paraan kundi malublob ka sa impiyerno, kung saan pinarurusahan ng Diyos ang tao.

Hinango mula sa “Tatlong Paalaala” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa loob ng mahabang panahon, ang mga tao na naniniwala sa Diyos

ay masugid nang nag-aasam ng isang magandang hantungan, at ang lahat ng mga naniniwala sa Diyos ay umaasa na biglang darating sa kanila ang mabuting kapalaran. Umaasa silang lahat na bago pa nila mamalayan ay masusumpungan nila ang mga sarili na payapang nakaluklok sa isang lugar o sa iba pang dako sa langit. Ngunit sinasabi Ko na ang mga taong ito, taglay ang magaganda nilang mga saloobin, ay hindi kailanman nakabatid kung sila ba ay naaangkop tumanggap ng ganoon kabuting kapalaran na nagmumula sa langit, o kaya ay maupo man lamang sa isang luklukan doon. Kayo, sa kasalukuyan, ay may mabuting kaalaman sa inyong mga sarili, ngunit umaasa pa rin kayo na matatakasan ninyo ang mga sakuna sa mga huling araw at ang kamay ng Makapangyarihan sa lahat kapag pinarusahan na Niya ang masasama. Tila ba ang pagkakaroon ng matatamis na pangarap at paghahangad sa mga bagay ayon sa kanilang kagustuhan ay isang karaniwang katangian ng lahat ng taong ginawang tiwali ni Satanas, at hindi bunga ng katalinuhan ng sinumang nag-iisang indibiduwal. Magkagayon pa man, hangad Ko pa ring wakasan ang inyong mga labis-labis na pagnanasa, gayundin ang inyong kasabikang magkamit ng mga pagpapala. Dahil napakarami ng inyong paglabag, at ang katunayan na patuloy na tumitindi ang inyong paghihimagsik, paano aakma ang mga bagay na ito sa inyong magagandang plano para sa hinaharap? Kung nais mong magpatuloy ayon sa iyong nais, na manatili sa kamalian nang walang pumipigil sa iyo, ngunit kasabay nito'y nais mo pa ring matupad ang mga pangarap mo, hinihimok Kita, kung gayon, na magpatuloy sa iyong kawalang-ulirat at huwag nang gumising kailanman—sapagkat ang sa iyo ay isang hungkag na pangarap at sa harap ng matuwid na Diyos, hindi ka Niya gagawan ng pagtatangi. Kung nais mo lamang na matupad ang iyong mga pangarap, huwag kang mangarap kailanman; bagkus ay harapin mo magpakailanman ang katotohanan at ang mga katunayan. Ito ang tanging paraan upang mailigtas ka. Ano, sa tiyak na pananalita, ang mga hakbang ng pamamaraang ito?

Una, tingnan mo ang lahat ng paglabag mo, at suriin ang anumang

asal at mga saloobin mo na hindi umaayon sa katotohanan.

Ito ay isang bagay na madali mong magagawa, at naniniwala Ako na kaya itong gawin ng lahat ng matatalinong tao. Gayunman, yaong mga hindi kailanman nakaaalam kung ano ang kahulugan ng paglabag at katotohanan ay mga di-kabilang, sapagkat sa pangunahing antas ay hindi sila matatalinong tao. Nakikipag-usap Ako sa mga taong sinang-ayunan ng Diyos, matatapat, hindi lubhang lumabag sa anumang mga atas administratibo, at madaling makabatid ng kanilang mga paglabag. Bagama't ito ay isang bagay na hinihingi Ko sa inyo, at madali ninyong matutupad, hindi lamang ito ang bagay na hinihingi Ko sa inyo. Ano't anuman, umaasa Ako na hindi ninyo lihim na pagtatawanan ang hinihingi Kong ito, at lalong hindi ninyo ito mamaliitin o hahamakin. Seryosohin ninyo ito, at huwag itong ipagwalang-bahala.

Ikalawa, para sa bawat paglabag at pagsuway mo, dapat kang humanap ng isang katumbas na katotohanan, at pagkaraan ay gamitin ang mga katotohanang ito upang lutasin ang mga usaping iyon. Kasunod niyan, palitan mo ang iyong mapanlabag na mga kilos at masuwaying mga saloobin at mga kilos ng pagsasagawa ng katotohanan.

Ikatlo, dapat kang maging isang matapat na tao, hindi isang laging tuso at laging mapanlinlang. (Dito ay muli Kong hinihingi sa inyo na maging isang matapat na tao.)

Kung matutupad mong lahat ang tatlong bagay na ito, isa ka sa mapapalad—isang tao na natutupad ang mga pangarap at tumatanggap ng mabuting kapalaran. Marahil ay ituturing ninyong seryoso ang tatlong hindi kahali-halinang kahilingang ito, o marahil ay ituturing ninyo nang walang pananagutan ang mga ito. Ano't anuman, ang Aking layunin ay ang tuparin ang inyong mga pangarap at maisagawa ang inyong mga mithiin, hindi ang pagtawanan kayo o gawin kayong hangal.

Hinango mula sa "Ang mga Paglabag ay Magdadala sa Tao sa Impiyerno" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang katotohanan ay lumabag ang bawat tao, gaano man ito kalaki o

kaliit. Kapag hindi mo alam na ang isang bagay ay paglabag, itinuturing mo ito nang may malabong estado ng pag-iisip, o marahil panghahawakan mo pa rin ang iyong mga sariling opinyon, nakasanayan, at paraan ng pag-unawa—ngunit, balang araw, sa pamamagitan man ng pakikisalamuha sa iyong mga kapatid o ng pagbubunyag ng Diyos, natututunan mo na ang bagay na ito ay isang paglabag, isang pagkakasala laban sa Diyos. Ano na ang magiging pag-uugali mo pagkatapos? Panghahawakan mo pa rin ba, mangangatuwiran, makikipagtalo, maninindigan sa sarili mong mga ideya, maniniwala na ang iyong ginagawa ay naaayon sa katotohanan? Sangkot dito ang iyong saloobin sa Diyos. Sa anong saloobin itinuring ni David ang kanyang mga paglabag? (Pagsisisi). Pagsisisi—hindi na niya gagawin kailanman ang mga ito. Kaya, ano ang ginawa niya? Nanalangin siya na hinihiling sa Diyos na parusahan siya: “Kung gagawin ko ulit ang pagkakamaling ito, parusahan nawa ako ng Diyos at ikamatay ko!” Iyon ang kanyang paninindigan; iyon ang totoong pagsisisi. Maaari kaya itong makamit ng mga karaniwang tao? Para sa mga karaniwang tao, makabubuti kung hindi nila subukang makipagtalo o hindi tuwirang umamin ng pananagutan, at,sa kanilang mga puso, iniisip pa rin nila: “Sana walang mag-uungkat muli nito. Mapapahiya ako.” Totoo ba itong pagsisisi? Upang maging tunay na nagsisisi, dapat mong itapon ang dati mong kasamaan, isantabi ito, at huwag nang gumawa ng ganoong bagay muli. Kung gayon, ano ba ang dapat gawin? Uubra na ba kung itapon na lamang ang kasamaan, hindi na gawin ang bagay na iyon at hindi ito pakaisipin? Ano ang iyong saloobin patungkol sa Diyos? Ano ang iyong gagawin sa paglalantad sa iyo ng Diyos ngayon? (Tatanggapin namin ang kaparusahan ng Diyos.) Ang pagtanggap sa kaparusahan ng Diyos, sa Kanyang paghatol at pagkastigo—iyon ang isang bahagi nito. Ang iba pang bahagi ay ang pagtanggap ng masusing pagsisiyasat ng Diyos habang tinatanggap mo ang Kanyang kaparusahan. Kapag natanggap mo na ang parehong bahagi, paano na ang iyong magiging paninindigan? Kapag nakasagupa ka ng gayong mga kalagayan at gayong mga bagay sa hinaharap, ano ang gagawin mo? Kung walang totoong pagsisisi, hindi

maiwawaksi ng isang tao ang isang kasamaan at saan man, sa anumang oras, maaaring bumalik sila sa dati nilang nakagawiang paraan, ginagawa ang masamang bagay na dati nilang ginagawa, ginagawa ang gayon ding paglabag, paulit-ulit na ginagawa ang gayon ding pagkakamali. Hindi ba ganito ang saloobin ng isang tao patungkol sa katotohanan? Ibinubunyag nito ang saloobin ng tao patungkol sa katotohanan at sa Diyos. Ano, kung gayon, ang magagawa ng isang tao upang tuluyang matalikdan ang isang paglabag? Isagawa ang katotohanan? Dapat magkaroon ng wastong saloobin ang tao patungkol sa katotohanan. At anong saloobin ang dapat taglayin ng isang tao at paano sila dapat kumilos upang maipakita ang kanilang wastong saloobin patungkol sa katotohanan? Ano ang gagawin mo kung mahulog ka sa tukso kapag nakaharap mong muli ang isyung ito? Dalawang salita: “Lumayo ka!” Kasabay nito, dapat itakda ng isang tao ang kanyang paninindigan na maparusahan ng Diyos kung makagawa siyang muli ng ganoon ding pagkakamali. Ang gawin ito ay ang mapoot sa naturang bagay mula sa kaibuturan ng iyong puso, na tingnan ito bilang kasuklam-suklam na bagay, isang masamang bagay, isang bagay na ipagkakasala sa Diyos, isang walang hanggang bahid. Sinasabi ng Biblia: “Ang mabait na tao ay nakakakita ng kasamaan at nagkukubli: nguni’t dinadaanan ng musmos at nagtitiis” (Kawikaan 22:3). Hindi iyon pagiging payak—ito ay kahangalan, malinaw na malinaw. “Lumayo ka”—paano iyon bilang isang paraan upang kumilos? (Mabuti ito). Gayunman mayroon bang mga oras na hindi maaaring lumayo ang isang tao? Ano ang iyong gagawin kung gayon? Dapat kang manalangin nang taimtim sa Diyos sa iyong puso, at hilingin sa Kanya na isaayos ang mga bagay. Ang ilang pagsubok ay mga tukso rin. Bakit pinapayagan ng Diyos na mangyari sa iyo ang ganoong mga bagay? Hindi nagkataon lamang ang mga ito; ang mga ito ay pagsubok ng Diyos sa iyo. Kung hindi mo tanggapin ang pagsubok ng Diyos at subukang balewalain ito, hindi ba ibinubunyag nito ang iyong saloobin patungkol sa Diyos? Hindi ba ipinapakita nito ang saloobin ng tao patungkol sa Diyos na tinatalikuran mo ang mga pangyayaring isinaayos Niya para sa iyo at ang mga pagsubok na ibinibigay Niya sa iyo, at may

pag-uugali ng kabastusan, at hindi man lang nananalangin ni naghahangad, ni hindi hinahanap ang landas ng pagsasagawa sa mga naturang pangyayari at pagsubok? May mga nagsasabi: “Wala akong ganoong saloobin, at wala akong ganoong hangarin.” Kung wala kang hangarin, kung gayon, ano ang iyong saloobin patungkol sa Diyos? Ang ilang saloobin ay sinasadya at nakalaan, habang ang ilan ay hindi sinasadya—ano ang sa iyo? Ang isang taong bastos at hindi sineseryoso ang Diyos ay isa bang taong nagmamahal sa katotohanan? Isang tanggap na bagay na ang isang tao na itinuturing ang katotohanan at ang Diyos bilang mga larong pambata, bilang hanging walang laman, ay hindi isang taong nagmamahal sa katotohanan.

Hinango mula sa Pagbabahagi ng Diyos

Sumusunod ang ilang mga tao sa sarili nilang mga kalooban kapag kumikilos sila. Nilalabag nila ang mga prinsipyo at inaamin lamang na sila ay mapagmataas, na nakagawa lamang sila ng pagkakamali dahil wala ang katotohanan sa kanila. Sa kanilang puso, nagrereklamo pa nga silang. “Walang ibang nangangahas na magsalita o kumilos, ako lamang—at sa huli, sa akin napupunta ang responsibilidad. Katanga ko naman. Hindi ko na uulitin pa ang bagay na ito sa susunod, na palutangin ang sarili ko sa iba. Nababaril ang mga ibong iniuusli ang kanilang mga ulo!” Ano ang tingin mo sa ganitong saloobin? Saloobin ba ito ng pagsisisi? (Hindi.) Anong saloobin ito? Sa pamamagitan ng pagkakamaling nagagawa nila, nagiging madudulas at mapanlinlang sila—isang pagkahulog sa bitag, isang dagdag-katalinuhan, sabi nga. “Mapalad akong hindi ito humantong sa isang sakuna. Kung nakapagdulot ako ng sakuna, mapapasa-impiyerno ako at mawawasak. Marapat na mag-ingat ako sa hinaharap.” Hindi nila hinahanap ang katotohanan, gamit ang kanilang mga walang-kuwenta at tusong pakana upang harapin at asikasuhin ang bagay. Matatamo ba nila ang katotohanan sa ganitong paraan? Hindi nila kaya—hindi sila marunong magsisi. Ang unang dapat gawin kapag nagsisisi ay alamin ang bagay na nagawa mo at unawain kung saan ka nagkamali, ang diwa ng problema, at

ang disposisyong ibinunyag mo; magbulay-bulay sa mga bagay na ito at tanggapin ang mga ito, pagkatapos ay isagawa nang ayon sa katotohanan. Ito ang saloobin ng pagsisisi. Sa kabilang banda, kung mas madulas ang paraan ng pagsasaalang-alang mo sa usapin kaysa dati, at mas may-katusuhan at patago ang mga teknik mo, at mayroon kang mas maraming pamamaraan upang harapin ito, kung gayon, ang problemang ito ay hindi ganoon lamang kasimple gaya ng pagiging mapanlinlang. Gumagamit ka ng mga pailalim na pamamaraan at mayroon kang mga lihim na hindi isisiwalat, at ang ginagawa mo ay masama. Ang tingin sa iyo ng Diyos ay sobrang hirap mong pakitunguhan at sobrang sama, isang taong hindi lubos na inaaming nagkamali sila at hindi lubos na tinatanggap na pinakikitunguhan at tinatabas sila, ngunit walang katiting man lamang na saloobing nagsisisi. Ito ay dahil, sa iniwang-pinsala ng pangyayari o habang nangyayari ito, hindi ka man lamang nagsasagawa nang ayon sa katotohanan, ni hindi mo ito hinahanap. Ang iyong saloobin ay isang saloobing gumagamit ng mga pamamaraan, teknik, at pilosopiya ni Satanas upang malutas o iwasan ang problema, upang balutin ito sa isang maayos na pakete nang sa gayon walang nakikitang bakas ng problema ang iba, ni hindi nakikita ang mga dugtong ng pagkakabalot—at, nang sa huli, pakiramdam mo na napakatalino mo. Ito ang mga bagay na nakikita ng Diyos, sa halip na tunay kang nakapagbulay-bulay, nakapagsisi, at nakapagkumpisal ng iyong kasalanan sa harapan ng problemang dumating sa iyo, at pagkatapos ay nagpapatuloy upang hanapin ang katotohanan at nagsasagawa nang ayon sa katotohanan. Ang saloobin mo ay hindi saloobin ng isang naghahanap sa katotohanan o nagsasagawa ng katotohanan, ni hindi ito isang nagpapasakop sa kataas-taasang kapangyarihan at pagsasaayos ng Diyos, kundi isa itong saloobing gumagamit ng mga teknik at pamamaraan ni Satanas upang malutas ang iyong problema. Binibigyan mo ang iba ng maling impresyon at lumalabang huwag mailantad ng Diyos, at ikaw ay mapagpatol at mapagdepensa pagdating sa mga pangyayaring isinaayos ng Diyos para sa iyo. Ibig sabihin nito ay mas sarado ang iyong puso kaysa dati. Kung mas sarado

ka sa Diyos, makapamumuhay ka pa rin ba sa liwanag, na may kapayapaan at kaligayahan? Hindi na—nilayuan mo na ang katotohanan at nilayuan ang Diyos. Namamayani ba ang gayong kalagayan sa mga tao? “Naparusahan ako sa pagkakataong ito. Sa susunod na pagkakataon, dapat akong maging mas maingat, at mas matalino. Saligan ng buhay ang pagiging matalino-—at ang mga taong hindi matatalino ay mga dungo.” Kung ganito mo laging ginagabayan at sinusulsulan ang iyong sarili, may mararating ka pa kaya? Magagawa mo pa bang matamo ang katotohanan? Kung may usaping dumating sa iyo at mahahanap mo ang katotohanan, maaari mong maunawaan ang isang aspekto ng katotohanan at matamo ang aspektong iyon ng katotohanan. Ano ba ang maaaring matamo sa pag-unawa sa katotohanan? Kapag nauunawaan mo ang isang aspekto ng katotohanan, nauunawaan mo ang isang aspekto ng kalooban ng Diyos, at nauunawaan mo kung bakit binisita ng Diyos ang bagay na ito sa iyo, kung bakit ganoon na lamang ang hinihingi Niya mula sa iyo, kung bakit magsasaayos Siya ng mga pangyayari upang kastiguhin at disiplinahin ka nang ganoon, kung bakit gagamitin Niya ang bagay na ito upang disiplinahin ka, at kung bakit nabuwal, nabigo, at nalantad ka sa bagay na ito. Kung kaya mong maunawaan ang mga bagay na ito, magagawa mong hanapin ang katotohanan at makakamit ang pagpasok sa buhay. Kung hindi mo kayang maunawaan ang mga bagay na ito at hindi tinatanggap ang mga katunayang ito, manapa’y iginigiit na sumalungat at lumaban, tungkol sa paggamit mo ng sarili mong mga teknik upang pagtakpan ang iyong sarili, sa pagharap mo sa iba at sa pagharap mo sa Diyos nang may huwad na anyo, kung gayon, hindi mo magagawang matamo ang katotohanan magpakailanman.

Hinango mula sa “Sa Paghahanap Lamang sa Katotohanan Malulutas ng Tao ang Kanilang mga Paniwala at Maling-Pagkaunawa sa Diyos” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sa nakaraang panahon, may ilang mga taong nakapagbunyag ng mga partikular na disposisyon ng isang anticristo: Matitigas ang ulo nila at sinusunod ang sarili nilang kagustuhan, laging paraan nila ang gusto nilang

masunod o kung hindi, huwag na lang. Subalit sa pamamagitan ng pagsusuweto at pagtatabas, sa pamamagitan ng pakikipagsalamuha ng mga kapatid sa kanila, sa pamamagitan ng paglilipat o pagpapalit, sa pamamagitan ng pagdanas ng ilang malalaking kabiguan, ng pagiging negatibo sa sandaling panahon at pagkaraan ay iniisip na, “Kahit ano pa, dapat ko pa ring ipagpauna ang wastong pagtupad ng aking tungkulin. Nilalakaran ko ang landas ng anticristo, subalit hindi pa naman ako inihanay bilang isa sa kanila, kaya’t dapat kong pagbutihan ang aking paniniwala, dapat akong maghanap nang taimtim. Walang mali sa landas ng paghahanap sa katotohanan,”—unti-unti ibinabaling nila ang kanilang mga sarili, at sila’y nagsisisi. May mga mabubuting kahayagan sa kanila, hinahanap nila ang mga katotohanang prinsipyo kapag tinutupad nila ang kanilang tungkulin, at hinahanap din nila ang mga katotohanang prinsipyo kapag nakikisalamuha sa iba. Sa anu’t ano pa man, papunta sila sa isang mas mabuting direksyon. Hindi pa ba sila nakapagbago? Ito’y pagpihit mula sa pagtahak ng landas ng anticristo tungo sa pagtahak ng landas ng pagsasagawa at paghahanap sa katotohanan. May pag-asa pa para sa kanila, may pagkakataon sila, maaari nilang ibaling ang kanilang mga sarili. Maihahanay mo ba ang gayong mga tao bilang mga anticristo dahil nagpakita sila minsan ng ilang mga kahayagan ng isang anticristo o nilakaran ang landas ng mga anticristo? Hindi. Hindi nagsisisi ang mga anticristo, wala silang anumang kahihiyan at, bukod pa rito, ang kanilang mga disposisyon ay mabangis at masama, at kinamumuhian nila ang katotohanan nang ganoon katindi. Ano ang binibigyang-katiyakan ng kanilang matinding pagkamuhi? Na hindi nila kayang magsisi kailanman. Kung kinamumuhian nila ang katotohanan nang ganoong katindi, maisasagawa ba nila ang katotohanan, at nagagawa ba nilang magsisi? Imposible. Kung may isang tiyak na bagay tungkol sa mga taong ito na nagagawang magsisi, ito ay na nakagawa sila ng mga pagkakamali subalit nagagawang tanggapin ang paghatol at pagkastigo ng Diyos, nagagawang tanggapin ang mga katotohanang sinalita ng Diyos, nagagawang subukan sa abot ng kanilang makakaya na makipagtulungan, tinatanggap ang mga

salita ng Diyos bilang personal nilang kawikaan, at ginagawa nilang realidad ng kanilang mga buhay ang mga salita ng Diyos. Tinatanggap nila ang katotohanan, at sa kaibuturan nila, hindi nila ito kinamumuhian. Hindi ba ito ang pagkakaiba? Sa kabilang dako, hindi nakikinig ang mga anticristo kaninuman, hindi sila nagtitiwala na ang katotohanan ay siyang katotohanan, at hindi nila kinikilala na ang mga salita ng Diyos ay ang katotohanan.

Hinango mula sa “Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (8)” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Bakit maraming taong sumusunod sa kagustuhan ng kanilang laman? Dahil itinuturing nila ang kanilang sarili na mahusay, na nadarama na tama at makatwiran ang kanilang ikinikilos, na wala silang kamalian, at na talaga ngang tama sila, samakatuwid ay maaari silang kumilos na ipinapalagay na nasa panig nila ang katarungan. Kapag kinikilala ng isa kung ano ang tunay niyang kalikasan—gaano kapangit, gaano kasuklam-suklam, at gaano kaawa-awa—hindi na niya ipinagmamalaki nang labis ang kaniyang sarili, hindi na masyadong mapagmataas, at hindi na gaanong nasisiyahan sa kaniyang sarili tulad ng dati. Nararamdaman ng gayong tao, “Kailangan kong maging masigasig at makatotohanan, at isagawa ang ilan sa mga salita ng Diyos. Kung hindi, ako ay hindi aabot sa pamantayan ng pagiging tao, at mahihiyang mamuhay sa harapan ng Diyos.” Nakikita niyang tunay ang sarili bilang napakahamak, bilang totoong walang halaga. Sa pagkakataong ito ay nagiging madali para sa isa na isakatuparan ang katotohanan, at ang isa ay mas magmumukhang katulad ng kung ano dapat ang isang tao. Kapag tunay na kinasuklaman ng mga tao ang kanilang sarili, saka lang nila nagagawang talikuran ang laman. Kung hindi nila kinasusuklaman ang kanilang sarili, hindi nila magagawang talikuran ang laman. Ang tunay na pagkamuhi sa sarili ay binubuo ng ilang bagay: Una, pagkaalam sa sariling likas na pagkatao; at pangalawa, pagkakita sa sarili na nangangailangan at kaawa-awa, pagkakita sa sarili na napakahamak at walang kabuluhan, at pagkakita sa sariling kaawa-awa at

maruming kaluluwa. Kapag lubos na nakikita ng isang tao kung ano siya talaga, at ito ang kinahinatnan, talagang nagtatamo siya ng kaalaman tungkol sa sarili, at masasabi na lubos na niyang nakilala ang kanyang sarili. Saka lamang niya talaga maaaring kamuhian ang kanyang sarili, hanggang sa isumpa niya ang kanyang sarili, at talagang madama niya na labis siyang nagawang tiwali ni Satanas kaya ni hindi siya mukhang tao. Sa gayon, balang araw, kapag lumitaw ang panganib ng kamatayan, iisipin ng taong iyon, “Ito ang matuwid na parusa ng Diyos. Tunay ngang matuwid ang Diyos; dapat talaga akong mamatay!” Sa puntong ito, hindi siya magrereklamo, lalo nang hindi niya sisisihin ang Diyos, nadarama lamang na siya ay talagang nangangailangan at kaawa-awa, napakarumi at napakatiwali kaya dapat siyang puksain ng Diyos, at ang isang kaluluwang katulad ng sa kanya ay hindi nababagay na mabuhay sa lupa. Sa puntong ito, hindi lalabanan ng taong ito ang Diyos, lalo nang hindi siya magtataksil sa Diyos.

Hinango mula sa “Ang Kilalanin ang Sarili ay Pangunahing Tungkol sa Pagkilala sa Pantaong Kalikasan” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Naisip mo ba ang isang padron kung paano gumagawa ang Banal na Espiritu? Ang Banal na Espiritu ay karaniwang kumikilos sa mga taong tapat ang puso, at Siya ay gumagawa kapag ang mga tao ay nahaharap sa mga gulo at hinahangad ang katotohanan. Hindi makikinig ang Diyos sa mga walang bahid ng pantaong katwiran o budhi. Kung napakatapat ng isang tao ngunit, sa loob ng ilang panahon, ang kanyang puso ay napalayo sa Diyos, wala siyang hangaring mapabuti, nahulog siya sa isang negatibong kalagayan at hindi lumabas dito, kapag hindi siya nagdarasal o naghahanap ng katotohanan upang malutas ang kanyang kalagayan, at hindi siya nakikipagtulungan, ang Banal na Espiritu ay hindi gagawa sa kanya sa panahong ito ng paminsan-minsang pagdidilim ng kanyang kalagayan o ng kanyang pansamantalang pagkabulok. Paano, kung gayon, gagawa ang Banal na Espiritu sa isang taong walang kamalayan ng sangkatauhan? Iyan ay mas imposible. Ano, kung gayon, ang dapat gawin

ng gayong mga tao? May daan ba na kanilang masusundan? Dapat silang tunay na magsisi at maging tapat na mga tao. Paano ba maging isang tapat na tao? Una, ang iyong puso ay dapat magbukas sa Diyos, at dapat mong hanapin ang katotohanan mula sa Diyos; kapag naunawaan mo na ang katotohanan, dapat mo itong isagawa. Pagkaraan ay dapat kang magpasakop sa mga kaayusan ng Diyos at hayaan ang Diyos na pangasiwaan ka. Sa ganitong paraan ka lamang pupurihin ng Diyos. Kailangan mo munang isaisantabi ang iyong sariling katanyagan at kapalaluan, at talikuran ang iyong sariling mga interes. Una sa lahat, subukan mo silang isaisantabi, at kapag naisantabi mo na sila, ilagay mo ang iyong buong katawan at kaluluwa sa iyong tungkulin at sa gawain ng pagpapatotoo para sa Diyos, at pagkatapos ay tingnan mo kung paano ka gagabayan ng Diyos, tingnan mo kung ang kapayapaan at kagalakan ay lumitaw sa loob mo, kung mayroon kang kumpirmasyong ito. Dapat ka munang magsisi nang tunay, isuko ang iyong sarili, buksan ang iyong puso sa Diyos, at isaisantabi ang mga bagay na iyong pinahahalagahan. Kung patuloy kang kumakapit sa mga ito habang humihiling sa Diyos, makakamit mo ba ang gawain ng Banal na Espiritu? Ang gawain ng Banal na Espiritu ay may pasintabi, at ang Diyos ay isang Diyos na kinamumuhian ang kasamaan at Siya ay banal. Kung palaging kumakapit ang mga tao sa mga bagay na ito, patuloy na isinasara ang kanilang sarili sa Diyos at tinatanggihan ang gawain at patnubay ng Diyos, titigil ang Diyos sa paggawa sa kanila. Hindi dahil ang Diyos ay dapat gumawa sa kalooban ng bawat tao, o na pipilitin ka Niyang gawin ito o iyan. Hindi ka Niya pinipilit. Ang gawain ng masasamang espiritu ay pilitin ang mga tao na gawin ito o iyan, at pati na ang pag-angkin at pagkontrol sa mga tao. Ang Banal na Espiritu ay gumagawa nang lalong banayad; inaantig ka Niya, at hindi mo ito nararamdaman. Nararamdaman mo lamang na tila walang malay mong naunawaan o napagtanto ang isang bagay. Ganito kung paano antigin ng Banal na Espiritu ang mga tao, at kung magpapasakop sila, makikita nila ang kanilang sariling tunay na nagsisisi.

Hinango mula sa “Ipagkaloob ang Iyong Tunay na Puso sa Diyos, at Makakamit Mo ang

Habang sumusunod sa Diyos, dahil sa kanilang kahangalan at kamangmangan at dahil sa kanilang iba`t ibang tiwaling disposisyon, madalas ibunyag ng mga tao ang kanilang sarili na masuwayin, at hindi nila nauunawaan o nagagalit pa sa Diyos. Naliligaw sila, at ang ilan ay nagiging negatibo at mabagal sa kanilang gawain, kinamumuhian ang Diyos at nawawalan ng pananampalataya. Madalas na lumitaw ang mga masuwaying pag-uugali sa iba’t ibang yugto ng buhay ng mga tao. Nasa puso nila ang Diyos at alam na Siya ay gumagawa, ngunit hindi nila minsan maintindihan ang katotohanang iyon. Bagaman nagagawa nilang magpasakop nang bahagya, sadyang hindi nila ito matatanggap sa kaibuturan. Ano ang nagpapahiwatig na hindi nila ito matanggap sa kaibuturan? Ang isang paraan na nakikita ito ay, sa kabila ng pagkakaalam ng lahat, hindi nila maisantabi ang kanilang nagawa at humaharap sa Diyos upang aminin sa kanilang mga pagkakamali at sabihin, “Diyos, nagkamali ako. Hindi na uli ako kikilos nang ganun. Hahanapin Ko ang iyong kalooban at gagawin ang Iyong nais na gawin ko. Hindi ako nakinig sa Iyo noon; Wala pa ako noon sa hustong pag-iisip, masuwayin, at hangal. Alam ko na iyon ngayon.” Sa anong pag-uugali inaamin ng mga tao ang kanilang mga pagkakamali? (Nais nilang bumawi) Kung may budhi at katuwiran ang mga tao, at naghahangad ng katotohanan, ngunit hindi nila kailanman nalalamang gumawa ng pagbabago sa kanilang mga pagkakamali, sa halip ay naniniwalang ang nakaraan ay nakalipas na at pakiramdam nila’y tiyak na hindi sila kailanman nagkakamali, anong uri ng disposisyon ang ipinakikita nito kung gayon? Anong uri ng pag-uugali? Ano ang diwa ng gayong pag-uugali? Ang mga ganitong tao ay pinatigas at, kahit anong mangyari, iyon ang landas na kanilang susundan. Hindi gusto ng Diyos ang ganoong mga tao. Ano ang sinabi ni Jonas nang una niyang ipahayag ang mga salita ng Diyos sa mga taga-Ninive? (“Apat na pung araw pa at ang Ninive ay mawawasak” (Jonas 3:4).) Ano ang reaksyon ng mga Ninevite sa mga salitang ito? Sa sandaling makita nilang lilipulin sila

ng Diyos, kumuha sila ng telang sako at abo, at nagmamadaling ikumpisal ang kanilang mga kasalanan sa Kanya. Ito ang ibig sabihin ng pagsisisi. Ang pagsisising yaon ay nagbibigay sa tao ng napakalaking pagkakataon. Anong pagkakataon iyon? Ang pagkakataong patuloy na mabuhay. Kung wala ang gayong pagsisisi, mahirap para sa iyong magpatuloy, maging ito ay sa iyong pagganap sa tungkulin o sa paghahanap mo sa kaligtasan. Sa bawat yugto—dinidisiplina ka man ng Diyos o tinutuwid, o kapag pinapaalalahanan ka Niya at pinapayuhan—hangga't may hidwaang naganap sa pagitan mo at ng Diyos, ngunit patuloy kang kumakapit sa iyong sariling mga ideya, pananaw, at pag-uugali, kahit pa ang mga hakbang mo ay pasulong kung gayon, ang hidwaan sa pagitan mo at ng Diyos, ang iyong hindi pagkakaunawa at galit sa Kanya, at ang iyong pagiging mapanghimagsik ay hindi maitatama, at, kung hindi ka makakagawa ng pagbabago, ang Diyos kung gayon, sa Kanyang bahagi, ay tatanggalin ka. Bagaman hindi mo binitawan ang hawak na tungkulin, at kaya itong panindigan, at kahit na tinanggap mo ang pinagagawa ng Diyos at tapat ka rito, mananatili sa iyo magpakailanman ang buhol ng hidwaan na lumitaw sa pagitan mo at ng Diyos. Kung hindi mo tatanggalin, o pakakawalan, at sa halip ay patuloy na maniniwalang nagkamali ang Diyos at ikaw ay napahamak, nangangahulugan ito kung gayon na hindi ka nagbago. Bakit binibigyan ng Diyos ng malaking pagpapahalaga ang pagbabago ng mga tao? Sa anong pag-uugali dapat isaalang-alang ng isang nilikha ang Maylalang? Ang ugaling kumikilala na ang Maylikha ay tama, anuman ang Kanyang gawin. Kung hindi mo ito kilalanin, na ang Maylalang ang katotohanan, ang daan, at ang buhay, ay magiging mga hungkag na salita lamang sa iyo. Kung ang mga ito ay mga hungkag na salita lamang sa iyo, magagawa pa ba ng Diyos na iligtas ka? Hindi niya iyon gagawin. Hindi ka magiging karapat-dapat; Hindi inililigtas ng Diyos ang mga taong katulad mo. Mayroong ilang magsasabing, "Hinihiling ng Diyos na ang mga tao ay magsisi, at alam nila kung paano magbago. Sa gayon, hindi ako nagbago sa maraming mga bagay. Mayroon pa ba akong panahong gawin ito?" Oo, may panahon pa. Dagdag pa, sinasabi ng ilan,

“Sa anong mga bagay ko kailangang bumawi? Ang mga bagay sa nakaraan ay wala na at nakalimutan.” Kung ang disposisyon mo ay hindi nagbabago kahit man lang isang araw, at kung kahit lumipas ang isang araw nang hindi mo nalalaman kung alin sa iyong aksyon ang hindi umaayon sa katotohanan at kung alin ang hindi umaayon sa Diyos, ang buhol sa pagitan mo at ng Diyos kung gayon ay hindi pa nakakalag, hindi pa nalulutas ang bagay na ito, ni hindi pa lumilipas. Nasa kalooban mo ang disposisyong ito; ang ideya, pananaw, at saloobing ito ay nasa kalooban mo. Sa sandaling lumitaw ang tamang mga pangyayari, muling lilitaw ang pananaw mong ito, at sisiklab ang pakikipagtunggali mo sa Diyos. Samakatuwid, hindi mo man maitama ang nakaraan, dapat mong itama ang mga bagay na mangyayari sa hinaharap. Paano sila maitatama? Dapat kang magbago at isantabi ang iyong mga ideya at hangarin. Kapag mayroon ka ng hangaring ito, likas na mapapasaiyo rin ang saloobin ng pagpapasakop. Gayunpaman, para sabihin nang mas tiyak, ito ay tumutukoy talaga sa mga taong gumagawa ng pagbabago sa kanilang pag-uugali sa Diyos, ang Lumikha; ito ay pagkilala at pagpapatunay sa katotohanang ang Maylalang ang katotohanan, ang daan, at ang buhay. Kung mababago mo ang iyong sarili, ipinapakita nitong kaya mong isantabi ang mga bagay na sa tingin mo ay tama, o ang mga bagay na sama-samang pinagpapalagay ng sangkatauhan—na tiwali—na tama; at, sa halip, kinikilala mong ang mga salita ng Diyos ay ang katotohanan at positibong mga bagay. Kung magkakaroon ka ng ganitong ugali, pinatutunayan nito ang pagtanggap mo sa pagkakakilanlan ng Lumikha at ng Kanyang kakanyahan. Ganito ang pagtingin ng Diyos sa isyu, at samakatuwid ay itinuturing niya itong lalong mahalaga.

Hinango mula sa “Sa pamamagitan lamang ng Paglutas ng mga Kuro-kuro Maaaring Makapasok sa Tamang Landas ng Paniniwala sa Diyos (3)” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang Pagsisisi ng Hari ng Ninive ang Pumukaw sa Papuri ng Diyos na si Jehova

Nang marinig ng hari ng Ninive ang balitang ito, tumayo siya mula sa

kanyang trono, hinubad ang kanyang balabal, nagsuot ng magaspang na damit at umupo sa mga abo. Pagkatapos ay kanyang ipinahayag na walang sinuman sa lungsod ang papayagang tumikim ng anuman, at walang mga tupa, baka, o ano pa mang mga hayop, ang papayagang kumain o uminom ng tubig. Kapwa tao at hayop ay magdadamit ng kayong magaspang; lahat ng mamamayan ay magmamakaawa sa Diyos. Ipinahayag din ng hari na ang bawat isa sa kanila ay tatalikuran na ang kanilang masasamang gawain at ang karahasan sa kanilang mga kamay. Batay sa magkakasunod na mga gawaing ito, tunay ang naging pagsisisi ng hari ng Ninive sa kanyang puso. Ang sunod-sunod na mga pagkilos na kanyang ginawa—pagtayo mula sa kanyang trono, paghuhubad ng kanyang balabal ng pagkahari, pagdadamit ng kayong magaspang at pag-upo sa mga abo—ay nagsasabi sa mga tao na isinasantabi ng hari ng Ninive ang kanyang katayuan bilang hari at nagdadamit ng kayong magaspang kasama ang mga karaniwang mamamayan. Sinasabi nito na ang hari ng Ninive ay hindi nanatili sa kanyang pagiging hari para ipagpatuloy ang kanyang masamang gawa o ang karahasan sa kanyang mga kamay matapos marinig ang babala mula sa Diyos na si Jehova; sa halip, isinantabi niya ang awtoridad na kanyang hawak at nagsisi sa harap ng Diyos na si Jehova. Sa pagkakataong ito, hindi nagsisisi ang hari ng Ninive bilang hari; humarap siya sa Diyos upang magkumpisal at magsisi sa kanyang mga kasalanan bilang isang pangkaraniwang nasasakupan ng Diyos. Bukod pa rito, sinabihan din niya ang buong lungsod na magkumpisal at magsisi sa kanilang mga kasalanan sa harap ng Diyos na si Jehova tulad ng ginawa niya; dagdag pa rito, may tiyak siyang plano kung paano ito isasagawa, tulad ng makikita sa Kasulatan: “Huwag tumikim maging tao ni hayop man, bakahan ni kawan man, ng anumang bagay: huwag silang magsikain, ni magsiinom man ng tubig: … at manangis silang mainam sa Diyos: oo, talikdan ng bawa’t isa ang kaniyang masamang gawi, at ang karahasan na nasa kanilang mga kamay.” Bilang pinuno ng lungsod, ang hari ng Ninive ay nagtataglay ng pinakamataas na katayuan at kapangyarihan at makakaya niyang gawin ang anumang bagay na

kanyang naisin. Nang matanggap ang babala ng Diyos na si Jehova, maaari naman niyang balewalain na lang ito o mangumpisal na lamang at magsisi sa kanyang mga kasalanan nang mag-isa; kung pipiliin ng mga tao sa lungsod na magsisi o hindi, maaari naman niyang pabayaan na lamang lahat ang bagay na ito. Ngunit hindi ito kailanman ginawa ng hari ng Ninive. Hindi lamang siya tumayo mula sa kanyang trono, nagdamit ng kayong magaspang at naupo sa mga abo at nangumpisal at nagsisi sa kanyang mga kasalanan sa harap ng Diyos na si Jehova, inutusan din niya ang lahat ng tao at mga hayop sa buong lungsod na gawin din iyon. Inutusan pa niya ang mga tao na “magsidaing nang mainam sa Diyos.” Sa pamamagitan ng mga magkakasunod na gawaing ito, tunay na nagampanan ng hari ng Ninive iyong dapat gawin ng isang pinuno. Ang kanyang mga ginawa ay isang bagay na mahirap gawin para sa sinumang hari sa kasaysayan ng tao, at wala ngang ibang hari ang nakagawa ng mga bagay na ito. Ang mga gawaing ito ay maaaring tawagin na wala pang nakagagawa sa kasaysayan ng sangkatauhan; karapat-dapat ang mga ito na kapwa gunitain at tularan ng sangkatauhan. Buhat noong pagsisimula ng tao, pinangunahan ng bawat hari ang kanyang mga nasasakupan sa pagtanggi at paglaban sa Diyos. Walang sinuman ang nanguna sa kanyang mga nasasakupan sa pagsusumamo sa Diyos upang tubusin sila sa kanilang kasamaan, tanggapin ang pagpapatawad ng Diyos na si Jehova at maiwasan ang nalalapit na kaparusahan. Subalit ang hari ng Ninive ay nakayang pangunahan ang kanyang mga nasasakupan na manumbalik sa Diyos, iwan na ang kanilang masamang mga gawa at iwan na ang karahasan na nasa kanilang mga kamay. Bukod pa rito, nagawa rin niyang isantabi ang kanyang trono, at bilang ganti, nagbago ang isip at nakadama ng pagsisisi ang Diyos na si Jehova at binawi ang Kanyang poot, at hinayaan ang mga mamamayan ng lungsod na maligtas at malayo mula sa pagkawasak. Ang mga ginawa ng hari ay maaari lamang matawag na isang pambihirang himala sa kasaysayan ng tao, at huwarang halimbawa pa nga ng tiwaling sangkatauhan na nangumpisal at nagsisi sa kanilang mga kasalanan sa harap ng Diyos.

Hinango mula sa “Ang Diyos Mismo, ang Natatangi II” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang Tunay na Pagsisisi sa Puso ng mga Taga-Ninive ang Nagdulot sa Kanila ng Awa ng Diyos at Nagpabago sa Kanilang Sariling Katapusan

Mayroon bang anumang salungatan sa pagitan ng pagbabago ng puso ng Diyos at Kanyang poot? Siyempre wala! Ito ay sapagkat may dahilan ang pagpaparaya ng Diyos noong pagkakataong iyon. Ano kaya ang dahilan na ito? Ito ay ang ibinigay sa Biblia: “Bawat tao ay lumayo sa kanyang masamang gawi” at “iniwan ang karahasan sa kanyang mga kamay.”

Ang “masamang gawi” ay hindi tumutukoy sa isang dakot na masasamang gawa, kundi sa masamang bukal kung saan nagmumula ang pag-uugali ng mga tao. Ang “Ang paglayo sa masamang gawi ng isang tao” ay nangangahulugan na hindi na nila kailanman muling gagawin ang mga gawaing ito. Sa madaling salita, hindi na sila kailanman muling kikilos sa masamang paraang ito; ang paraan, pinagmulan, layunin, intensyon at prinsipyo ng kanilang mga gawain ay nagbagong lahat; hindi na nila kailanman muling gagamitin ang mga pamamaraan at mga prinsipyong ito upang magdulot ng kasiyahan at kaligayahan sa kanilang mga puso. Ang “iniwan” sa “iniwan ang karahasan sa mga kamay ng isang tao” ay nangangahulugan na binitawan o isinantabi, upang ganap na makawala sa nakaraan at hindi na kailanman muling balikan. Nang iwanan ng mga taga-Ninive ang karahasan sa kanilang mga kamay, pinatunayan at kinatawan nito ang tunay nilang pagsisisi. Pinagmamasdan ng Diyos ang panlabas na anyo ng mga tao, gayundin ang kanilang mga puso. Nang mapansin ng Diyos ang tunay na pagsisisi sa puso ng mga taga-Ninive nang walang pag-aalinlangan, at napansin din na tinalikdan na nila ang kanilang masasamang gawi at iniwan ang karahasan sa kanilang mga kamay, binago Niya ang Kanyang puso. Ibig sabihin, ang asal at pag-uugali ng mga taong ito at ang iba’t ibang pamamaraan ng kanilang paggawa ng mga bagay, gayundin ang kanilang tapat na pangungumpisal at pagsisisi

sa mga kasalanan sa kanilang puso, ang dahilan kaya nagbago ang puso ng Diyos, nagbago ang Kanyang mga intensiyon, binawi ang Kanyang pasya at hindi na sila pinarusahan o nilipol man. Kaya nagkaroon ang mga taga-Ninive ng ibang katapusan. Nailigtas nila ang kanilang sariling mga buhay at natamo rin nila ang awa at pagpaparaya ng Diyos, kung saang punto binawi din ng Diyos ang Kanyang poot.

Hinango mula sa “Ang Diyos Mismo, ang Natatangi II” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang Awa at Pagpaparaya ng Diyos ay Hindi Bihira—Ang Totoong Pagsisisi ng Tao ang Ganoon

Kahit gaano man kagalit ang Diyos sa mga taga-Ninive, sa sandaling nagpahayag sila ng pag-aayuno at nagsuot ng magaspang na damit at naupo sa mga abo, unti-unting lumambot ang Kanyang puso, at nagsimulang magbago ang Kanyang isip. Nang sabihin Niyang wawasakin Niya ang kanilang lungsod—ang panahon bago ang kanilang pangungumpisal at pagsisisi sa kanilang mga kasalanan—galit pa rin sa kanila ang Diyos. Sa sandaling nagsagawa sila ng serye ng mga gawain ng pagsisisi, unti-unting nagbago at napalitan ng awa at pagpaparaya ang galit ng Diyos sa mga taga-Ninive. Walang anumang magkasalungat sa magkaparehong paghahayag ng dalawang aspeto ng disposisyon ng Diyos sa magkaparehong pangyayari. Paano mauunawaan at malalaman ng isang tao ang ganitong kawalan ng pagkakasalungatan kung gayon? Magkasunod na ipinahayag ng Diyos ang magkabaligtad na bahaging ito ng mga diwa nang magsisi ang mga taga-Ninive; naipakita nito sa mga tao ang pagiging totoo at pagka-di-napupuno ng diwa ng Diyos. Ginamit ng Diyos ang Kanyang saloobin upang sabihin sa mga tao ang mga sumusunod: Ito ay hindi dahil kinukunsinti ng Diyos ang mga tao, o hindi Niya nais na maawa sa kanila; sa halip, ito ay dahil sa bihira silang magsisi nang tapat sa Diyos, at bihirang tunay na talikdan ang kanilang masasamang gawi at iwanan ang karahasan sa kanilang mga kamay. Sa madaling sabi, kapag nagagalit ang Diyos sa tao, umaasa Siya na

makakaya ng tao na magsisi nang tapat, at umaasa Siya na makikita ang tunay na pagsisisi ng tao. Sa kasong ito, maluwag Niyang ipagpapatuloy na ipagkaloob ang Kanyang awa at pagpaparaya sa tao. Ibig sabihin nito na ang masamang ugali ng tao ang nagdudulot ng poot ng Diyos, samantalang ang awa at pagpaparaya ng Diyos ay ipagkakaloob sa mga nakikinig sa Diyos at tunay na nagsisisi sa harap Niya, sa mga makatatalikod sa kanilang masasamang gawi at maiiwan ang karahasan sa kanilang mga kamay. Ang saloobin ng Diyos ay napakalinaw na ipinahayag sa Kanyang pakikitungo sa mga taga-Ninive: Ang awa at pagpaparaya ng Diyos ay hindi lubhang mahirap na makamit at ang hinihingi Niya sa isang tao ay tunay na pagsisisi nito. Hangga't ang mga tao ay tatalikod sa kanilang masasamang gawi at iiwan ang karahasan sa kanilang mga kamay, babaguhin ng Diyos ang Kanyang puso at ang Kanyang saloobin tungo sa kanila.

Hinango mula sa "Ang Diyos Mismo, ang Natatangi II" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

49. Ang mga Prinsipyo ng Pagtanggi sa Sarili at Pagtalikod sa Laman

(1) Kinakailangan, sa batayan ng mga salita ng Diyos, na malaman ang tiwaling diwa ng isang tao, at maunawaan ang katotohanan na ang laman ay kinokontrol ng maka-satanas na kalikasan. Sa ganitong paraan, tunay na kasusuklaman ng isang tao ang laman;

(2) Habang lalong ipinapalagay ng tao na imposible ang isang bagay, at habang lalo itong hindi umaayon sa kanyang mga kuru-kuro at imahinasyon, mas lalo niyang dapat hanapin ang katotohanan, tanggihan ang kanyang sarili, at magpasakop sa Diyos;

(3) Gaano man kawasto ang mga kuru-kuro, imahinasyon, at damdamin ng tao, hindi katotohanan ang mga ito, at gaano man kakaunti sa mga salita ng Diyos ang umaayon sa mga kuru-kuro ng tao, ang mga salita Niya ang katotohanan;

(4) Kinakailangang hanapin ang katotohanang prinsipyo sa lahat ng

bagay, upang matalikuran ang sariling mga paniniwala at pananaw, at matalikdan ang laman. Saka lamang maisasagawa ng isang tao ang katotohanan at maisasabuhay ang wangis ng tao.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang Diyos Mismo ay buhay, at ang katotohanan, at sabay na umiiral ang Kanyang buhay at katotohanan. Yaong mga walang kakayahang makamit ang katotohanan ay hindi kailanman makakamit ang buhay. Kung wala ang patnubay, pag-alalay, at paglaan ng katotohanan, ang tanging makakamit mo lamang ay mga titik, mga doktrina, at, higit sa lahat, kamatayan. Laging naririyan ang buhay ng Diyos, at umiiral nang sabay ang Kanyang katotohanan at buhay. Kung hindi mo matatagpuan ang pinagmulan ng katotohanan, kung gayon hindi mo makakamit ang pampalusog ng buhay; kung hindi mo makakamit ang panustos ng buhay, kung gayon tiyak na hindi ka magkakaroon ng katotohanan, at sa gayon bukod sa mga guni-guni at mga pagkaintindi, magiging walang iba ang kabuuan ng katawan mo kundi ang laman mo—ang umaalingasaw mong laman. Alamin mong hindi itinuturing na buhay ang mga salita ng mga aklat, hindi maaaring ipagdiwang na katotohanan ang mga talaan ng kasaysayan, at hindi maaaring magsilbing isang ulat ng mga salitang sinasabi ng Diyos sa kasalukuyan ang mga tuntunin ng mga nakalipas na panahon. Tanging ang mga inihahayag lamang ng Diyos kapag pumarito Siya sa lupa at namumuhay kasama ng tao ay ang katotohanan, ang buhay, ang kalooban ng Diyos, at ang Kanyang kasalukuyang paraan ng paggawa.

Hinango mula sa “Tanging si Cristo ng mga Huling Araw ang Makapagbibigay sa Tao ng Daan ng Buhay na Walang Hanggan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Dapat nating kilalaning lahat na ang tao, na may laman, ay nagawang tiwali ni Satanas. Ang pinakalikas na pagkatao ng sangkatauhan ay laban sa Diyos. Hindi maaaring pumantay ang sangkatauhan sa Diyos, lalong hindi kaya ng sangkatauhan na umasang magpayo sa gawain ng Diyos. Patungkol sa kung paano ginagabayan ng Diyos ang tao, ito ang gawain

ng Diyos Mismo. Akma na dapat magpasakop ang tao, nang hindi nagpapahayag ng ganito o ganoong pananaw, sapagkat ang tao ay alabok lamang. Yamang ang ating layunin ay hanapin ang Diyos, hindi natin dapat pangibabawin ang ating mga palagay sa gawain ng Diyos para isaalang-alang ng Diyos, lalong hindi natin dapat gamitin nang husto ang ating tiwaling disposisyon para sadyang labanan ang gawain ng Diyos. Hindi ba tayo gagawin niyan na mga anticristo? Paano nagagawa ng gayong mga tao na maniwala sa Diyos? Yamang naniniwala tayo na mayroong Diyos, at yamang nais nating palugurin Siya at makita Siya, dapat nating hanapin ang daan ng katotohanan, at dapat tayong humanap ng daan upang makaayon ng Diyos. Hindi tayo dapat makipagmatigasan sa paglaban sa Kanya. Anong kabutihan ang posibleng mangyari sa gayong mga pagkilos?

Hinango mula sa Paunang Salita sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Maraming may di-kasiya-siyang damdamin tungkol sa ikalawang pagkakatawang-tao ng Diyos, dahil mahirap para sa tao na paniwalaan na ang Diyos ay magkakatawang-tao upang gawin ang paghatol. Gayunpaman, kailangang sabihin Ko sa iyo na kadalasan ang gawain ng Diyos ay lumalampas nang labis sa mga inaasahan ng tao at mahirap para sa mga isipan ng mga tao na tanggapin. Sapagka't ang mga tao ay mga uod lamang sa lupa, samantalang ang Diyos ay ang kataas-taasang Isa na pumupuno sa sansinukob; ang isipan ng tao ay katulad lamang ng isang balon ng maruming tubig na nagbubunga lamang ng mga uod, samantalang ang bawat yugto ng gawain na pinapatnubayan ng mga kaisipan ng Diyos ay ang bunga ng karunungan ng Diyos. Palaging hinahangad ng tao na makipaglaban sa Diyos, kung saan ay sinasabi Ko na hayag na hayag kung sino ang magdurusa ng kawalan sa katapusan. Ipinapayo Ko sa inyong lahat na huwag ninyong ipalagay ang inyong mga sarili na mas mahalaga kaysa ginto. Kung kaya ng iba na tanggapin ang paghatol ng Diyos, bakit hindi mo kaya? Gaano ka na ba kataas kaysa iba? Kung kaya ng iba na magyuko ng ulo sa harap ng katotohanan, bakit hindi mo rin magawa ang ganoon?

Hinango mula sa “Ginagawa ni Cristo ang Gawain ng Paghatol sa Pamamagitan ng Katotohanan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Pakawalan ninyo ang inyong mga pananaw tungkol sa “imposible”! Habang lalong naniniwala ang mga tao na imposible ang isang bagay, mas lalong maaari itong mangyari, sapagka’t ang karunungan ng Diyos ay mas mataas pa sa mga kalangitan, ang mga iniisip ng Diyos ay higit pa sa mga iniisip ng tao, at ang gawain ng Diyos ay lampas sa mga hangganan ng pag-iisip at mga palagay ng tao. Habang mas imposible ang isang bagay, lalong higit na mayroon itong katotohanang mahahanap; habang mas lampas sa mga palagay at imahinasyon ng tao ang isang bagay, lalong higit na ito ay naglalaman ng kalooban ng Diyos.

Hinango mula sa “Ang Pagpapakita ng Diyos ay Naghatid ng Isang Bagong Kapanahunan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

May nangyari na kinakailangan kang magtiis ng hirap, kung kailan dapat mong maunawaan kung ano ang kalooban ng Diyos at kung paano mo dapat isaisip ang Kanyang kalooban. Hindi mo dapat bigyang-kasiyahan ang iyong sarili: Isantabi mo muna ang iyong sarili. Wala nang mas kasuklam-suklam pa kaysa sa laman. Kailangan mong sikapin na mabigyan-kasiyahan ang Diyos, at dapat mong tuparin ang iyong tungkulin. Dahil sa gayong mga kaisipan, dadalhan ka ng Diyos ng natatanging kaliwanagan sa bagay na ito, at makakahanap din ng kaginhawahan ang puso mo. Maliit man o malaki, kapag may nangyayari sa iyo, dapat mo munang isantabi ang iyong sarili at ituring ang laman bilang ang pinakamababa sa lahat ng bagay. Habang mas binibigyang-kasiyahan mo ang laman, mas kumikilos ito nang walang permiso; kung bibigyang-kasiyahan mo ito ngayon, higit pa ang hihingin nito sa susunod. Habang nagpapatuloy ito, lalo pang napapamahal sa mga tao ang laman. Ang laman ay laging mayroong maluluhong pagnanasa, palagi nitong hinihingi sa iyo na bigyan ito ng kasiyahan at palugurin ito sa kalooban mo, maging ito man ay sa mga bagay na iyong kinakain, iyong sinusuot, o sa pag-init ng ulo mo, o pagpapabuyo sa mga sarili mong kahinaan at katamaran….

Habang lalo mong binibigyang-kasiyahan ang laman, mas tumitindi ang mga pagnanasa nito, at mas nagiging mapagpasasa ang laman, hanggang umabot sa puntong ang laman ng mga tao ay nagkikimkim na ng mas malalalim pang mga kuro-kuro, at sumusuway sa Diyos, at dinadakila ang sarili nito, at nagiging mapagduda sa gawain ng Diyos. Habang lalo mong binibigyang-kasiyahan ang laman, mas tumitindi ang mga kahinaan ng laman; palagi mong mararamdaman na walang sinumang nakikisimpatiya sa iyong mga kahinaan, lagi kang maniniwalang sumusobra na ang Diyos, at sasabihin mong: “Paano ba naging sobrang malupit ang Diyos? Bakit hindi Niya lubayan ang mga tao?” Kapag binibigyang-kasiyahan ng mga tao ang laman at labis itong minamahal, sinisira nila ang kanilang sarili. Kung tunay mong iniibig ang Diyos at hindi mo binibigyang-kasiyahan ang laman, makikita mo na ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay napakawasto at napakabuti, at na ang Kanyang sumpa sa iyong paghihimagsik at hatol sa iyong di-pagkamatuwid ay naaangkop. Magkakaroon ng mga panahon na ikaw ay itinutuwid at dinidisiplina ng Diyos, at bumubuo ng kapaligiran para magtimpi ka, pipilit sa iyo na lumapit sa harap Niya—at lagi mong mararamdamang ang ginagawa ng Diyos ay kahanga-hanga. Kaya mararamdaman mong parang hindi masyadong masakit, at na ang Diyos ay talagang kaibig-ibig. Kung magpapabuyo ka sa mga kahinaan ng laman at sasabihing sumusobra na ang Diyos, lagi kang makararamdam na nasasaktan ka, at palagi kang malulumbay, at magiging malabo sa iyo ang lahat ng gawain ng Diyos, at magmumukhang hindi man lang nakikiramay ang Diyos sa mga kahinaan ng tao at hindi batid ang mga paghihirap ng tao. At sa gayon, palagi kang makakaramdam ng kalungkutan at pag-iisa, na para bang nagdusa ka ng malaking kawalan ng katarungan, at sa oras na ito ay magsisimula kang magreklamo. Habang lalo kang nagpapabuyo sa mga kahinaan ng laman sa ganitong paraan, lalo mong mararamdaman na sumusobra na ang Diyos, hanggang sa lumala ito at iyo nang itanggi ang gawain ng Diyos, at magsimulang sumalungat sa Diyos, at maging puno ng pagsuway. Kaya, dapat kang maghimagsik laban sa laman, at hindi magpabuyo rito: “Ang aking asawang lalaki (asawang babae), mga

anak, mga inaasam, pag-aasawa, pamilya—walang mahalaga sa kanila! Ang Diyos lamang ang nasa puso ko, at dapat kong subukan sa abot ng aking makakaya na pasiyahin ang Diyos at hindi ang laman.” Dapat kang magkaroon ng ganitong kapasyahan. Kung palagi mong taglay ang ganitong kapasyahan, kapag isinagawa mo ang katotohanan, at isinantabi ang iyong sarili, magagawa mo ito nang walang gaanong hirap. Sinasabi na may isang magsasaka noon na nakakita ng ahas na naninigas sa lamig sa kalsada. Pinulot ito ng magsasaka at inilagay ito sa kanyang dibdib, at matapos na makabawi ng lakas ang ahas ay tinuklaw nito ang magsasaka hanggang sa mamatay ito. Ang laman ng tao ay tulad ng ahas: Ang diwa nito ay ang mapinsala ang kanilang buhay—at kapag ganap itong nasunod, mawawala ang iyong buhay. Ang laman ay pagmamay-ari ni Satanas. Sa loob nito ay mayroong maluluhong pagnanasa, iniisip lamang nito ang sarili nito, nais nitong magtamasa ng kaginhawahan at magsaya sa paglilibang, magumon sa kakuparan at katamaran, at matapos itong bigyang-kasiyahan nang bahagya ay kakainin kayo nito sa bandang huli. Na ang ibig sabihin, kung bibigyang-kasiyahan ninyo ito ngayon, mas marami itong hihingin sa susunod. Lagi itong may maluluhong pagnanasa at mga bagong kahilingan, at sinasamantala ang iyong pagkabuyo sa laman upang gawin kang mas pahalagahan ito at mamuhay kasama ng mga ginhawa nito—at kung hindi mo ito madaraig, sisirain mo ang iyong sarili sa huli. Kung makakapagkamit ka ng buhay sa harap ng Diyos, at kung ano ang iyong magiging katapusan sa huli, ay nakasalalay sa kung paano mo isinasagawa ang iyong paghihimagsik laban sa laman. Iniligtas ka ng Diyos, at ikaw ay pinili at itinalaga, ngunit kung ngayon ay ayaw mo Siyang bigyang-kasiyahan, ayaw mong isagawa ang katotohanan, ayaw mong maghimagsik laban sa iyong sariling laman nang may pusong tunay na nagmamahal sa Diyos, sa bandang huli ay ipapahamak mo ang iyong sarili, at sa gayon ay magtitiis ng matinding sakit. Kung lagi kang nagpapabuyo sa laman, dahan-dahan kang lulunukin ni Satanas, at iiwan kang walang buhay, o haplos ng Espiritu, hanggang dumating ang araw na ganap nang madilim ang kalooban mo. Kapag nabubuhay ka sa kadiliman,

nabihag ka na ni Satanas, hindi mo na taglay ang Diyos sa puso mo, at sa panahong iyon ay pabubulaanan mo ang pag-iral ng Diyos at iiwanan Siya. Kaya, kung nais ng mga taong ibigin ang Diyos, dapat silang magbayad ng sakit at magtiis ng paghihirap. Hindi na kailangan ang panlabas na pagkataimtim at paghihirap, higit na pagbabasa at dagdag na pagiging abala; sa halip, dapat nilang isantabi ang mga bagay na nasa kanilang kalooban: ang maluluhong kaisipan, mga personal na interes, at ang sarili nilang mga konsiderasyon, mga kuro-kuro at mga layunin. Iyon ang kalooban ng Diyos.

Hinango mula sa “Ang Pagmamahal Lamang sa Diyos ang Tunay na Pananampalataya sa Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang pakikitungo ng Diyos sa panlabas na disposisyon ng mga tao ay isa ring bahagi ng Kanyang gawain; ang pakikitungo sa panlabas at di-normal na pagkatao ng mga tao, halimbawa, o sa kanilang uri ng pamumuhay at mga gawi, kanilang mga paraan at kaugalian, pati na rin kanilang mga panlabas na pagsasagawa, at kanilang sigasig. Ngunit kapag Kanyang hinihiling sa mga tao na isagawa ang katotohanan at baguhin ang kanilang mga disposisyon, ang pangunahing pinakikitunguhan ay ang mga intensyon at kuro-kuro sa kalooban nila. Hindi mahirap na pakitunguhan lamang ang iyong panlabas na disposisyon; ito ay tulad ng paghingi sa iyo na huwag kainin ang mga bagay na gusto mo, na madali lang. Subalit, ang may kinalaman sa mga kuro-kuro na nasa iyong kalooban ay hindi madaling pakawalanan: Kailangan nito para sa tao na labanan ang laman, at mabayad ng halaga, at magdusa sa harap ng Diyos. Lalo nang ganito pagdating sa mga intensyon ng mga tao. Magmula nang maniwala ang mga tao sa Diyos, nagkimkim na sila ng maraming maling intensyon. Kapag hindi mo isinasagawa ang katotohanan, nararamdaman mong lahat ng iyong layunin ay tama, ngunit kapag may nangyari sa iyo, makikita mong maraming maling intensyon sa kalooban mo. Kaya, kapag ginagawang perpekto ng Diyos ang mga tao, sinasanhi Niya na matanto nila na maraming kuro-kuro sa kanilang kalooban na humahadlang sa

kanilang pagkakilala sa Diyos. Kapag natatanto mong mali ang iyong mga intensyon, kung nagagawa mong itigil ang pagsasagawa ayon sa iyong mga kuro-kuro at intensyon, at nagagawa mong magpatotoo sa Diyos at panindigan ang iyong posisyon sa lahat ng nangyayari sa iyo, nagpapatunay ito na nalabanan mo na ang laman. Kapag nilalabanan mo ang laman, tiyak na magkakaroon ng isang labanan sa iyong kalooban. Susubukang himukin ni Satanas ang mga tao na sundin ito, susubukan sila nitong utusan na sundin ang mga kuro-kuro ng laman at panindigan ang mga interes ng laman—ngunit liliwanagan at paliliwanagin ng mga salita ng Diyos ang kalooban ng mga tao, at sa oras na ito ay nasa iyo na kung susundin mo ang Diyos o susundin si Satanas. Pangunahing hinihingi ng Diyos sa mga tao na isagawa ang katotohanan upang pakitunguhan ang mga bagay na nasa kalooban nila, upang pakitunguhan ang kanilang mga kaisipan at mga kuro-kuro na hindi kaayon ng puso ng Diyos. Pinupukaw ng Banal na Espiritu ang mga tao sa kanilang puso, at nililiwanagan at pinaliliwanag sila. Kaya sa likod ng lahat ng bagay na nangyayari ay isang labanan: Tuwing isinasagawa ng mga tao ang katotohanan, o isinasagawa ang pag-ibig sa Diyos, mayroong isang malaking labanan, at bagama't maaaring mukhang maayos ang lahat sa kanilang laman, sa kaibuturan ng kanilang mga puso, sa katunayan ay nagpapatuloy ang isang labanan sa pagitan ng buhay at kamatayan—at matapos lamang ng matinding labanang ito, matapos ang napakaraming pagmumuni-muni, saka mapagpapasyahan ang tagumpay o pagkatalo. Hindi alam ng isang tao kung tatawa o hihikbi. Dahil marami sa mga intensyon na nasa kalooban ng mga tao ang mali, o kaya'y dahil marami sa gawain ng Diyos ang taliwas sa kanilang mga kuro-kuro, kapag isinagawa ng mga tao ang katotohanan, isang malaking labanan ang nagaganap sa likod ng mga eksena. Matapos maisagawa ang katotohanang ito, sa likod ng mga eksena, hindi na mabilang ang mga patak ng luhang ibinuhos ng mga tao dahil sa kalungkutan bago nila tuluyang napagpasyahan na bigyang-kasiyahan ang Diyos. Dahil sa labanang ito kung kaya't dumaranas ang mga tao ng paghihirap at pagdadalisay; ito ay totoong pagdurusa. Kapag

nangyari sa iyo ang labanan, kung magagawa mong tunay na pumanig sa Diyos, magagawa mong bigyan ng kasiyahan ang Diyos. Habang isinasagawa ang katotohanan, tiyak na magdurusa ang kalooban ng isang tao; kung, kapag isinagawa nila ang katotohanan, ang lahat ng nasa kalooban ng mga tao ay tama, hindi na sila kailangan pang gawing perpekto ng Diyos, at hindi magkakaroon ng labanan, at hindi sila magdurusa. Dahil maraming bagay sa kalooban ng tao ang hindi akmang gamitin ng Diyos, at dahil maraming mapanghimagsik na disposisyon ng laman, kung kaya't kailangang mas malalim na matutuhan ng tao ang aral ng paglaban sa laman. Ito ang tinatawag ng Diyos na paghihirap na Kanyang hiningi sa tao na pagdaanan kasama Niya. Kapag nakakaranas ka ng mga paghihirap, magmadali kang manalangin sa Diyos: "O Diyos! Nais kong magbigay-kasiyahan sa Iyo, nais kong tiisin ang sukdulang paghihirap upang makapagbigay-kasiyahan sa Iyong puso, at gaano man kalaki ang mga dagok na aking makatagpo, kailangan ko pa ring magbigay-kasiyahan sa Iyo. Kahit na kailanganin ko pang ibigay ang aking buong buhay, kailangan ko pa ring magbigay-kasiyahan sa Iyo!" Kapag may ganito kang kapasyahan, kapag nananalangin ka nang ganito, magagawa mong panindigan ang iyong patotoo.

Hinango mula sa "Ang Pagmamahal Lamang sa Diyos ang Tunay na Pananampalataya sa Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung nais mong supilin ang puso mo at maghimagsik laban sa tawag ng laman, kailangan mo munang malaman kung tama ang iyong mga hangarin; saka mo lamang masusupil ang puso mo. Kung hindi mo alam kung tama ang iyong mga hangarin, posible bang masupil mo ang puso mo at maghimagsik ka laban sa tawag ng laman? Kahit maghimagsik ka, gagawin mo ito sa isang nalilitong paraan. Dapat mong malaman kung paano maghimagsik laban sa iyong mga maling hangarin; ito ang ibig sabihin ng maghimagsik laban sa tawag ng laman. Sa sandaling kinikilala mo nang mali ang iyong mga hangarin, iniisip at ideya, dapat kang pumihit kaagad at tumahak sa tamang landas. Lutasin mo muna ang isyung ito, at

sanayin ang sarili mo na makapasok sa bagay na ito, dahil ikaw ang higit na nakakaalam kung tama ang iyong mga hangarin o hindi. Sa sandaling naitama na ang iyong mga maling hangarin at naging para na sa kapakanan ng Diyos, nakamit mo na ang mithiing supilin ang puso mo.

Hinango mula sa “Isaisip ang Kalooban ng Diyos para Makamit ang Pagiging Perpekto” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kapag may nangyari sa iyo na walang kinalaman sa iyong mga kuro-kuro, magagawa mong magpatuloy sa pagkain at uminom ng mga salita ng Diyos at gampanan ang iyong tungkulin bilang normal. Ngunit kapag may nangyayari na sumasalungat sa iyong mga kuro-kuro, at higit pa sa kanila, at nagsasanhi ito ng pagkakaroon ng mga kontradiksyon, paano mo ito malulutas? Binibigyan mo ba ng libreng palusot ang iyong mga kuru-kuro at hinahayaan silang patakbuhin ang kanilang kurso, o hinaharap mo sila, sinusubukang pigilan ang mga ito, at tinatalikuran? Mayroong ilang tao na may mga kuru-kuro kapag nahaharap sila isyu, na hindi lamang hindi isinasantabi ang mga ito, ngunit naghahanap ng iba upang ikalat sa kanila. Naghahanap sila ng pagkakataon na palabasin ang mga kuro-kurong ito, upang ang iba ay magkaroon din ng mga kuro-kurong ito. Sinusubukan ng ilan na bigyang katwiran ang kanilang sarili: “Sinasabi ninyong lahat ng ginagawa ng Diyos ay may kahulugan, ngunit sa pagkakaalam ko, walang kahulugan sa nangyari. Ito ay salungat sa katotohanan, at kapag nakakatagpo ako ng mga bagay na salungat sa katotohanan, may kailangan akong sabihin, kailangan kong manindigan para sa katuwiran!” Naaangkop ba ang gayong pag-uugali? Ano ang dapat mong gawin upang sundan ang tamang landas? Mayroong mga taong may mga kuro-kuro na pinag-iisipan ang mga bagay at napagtatanto na ang kanilang relasyon sa Diyos ay hindi normal, na ang hindi pagkakaunawaan tungkol sa Diyos ay lumitaw sa kalooban nila, at ang pagkakaroon nila ng gayong mga kuro-kuro ay seryosong problema. Iniisip nila na, kung ang kanilang mga kuro-kuro ay hindi malulutas, maaari silang manganib, at maaari panagutan nila ang paglaban, pagdududa, at tinalikuran pa nila ang Diyos. Samakatuwid

sila ay nananalangin sa Diyos, at isinasantabi ang kanilang mga kuru-kuro. Una pinabulaanan nila ang sarilin nilang maling pananaw, at pagkatapos ay hahanapin nila ang katotohanan. Bilang bunga, habang tumatagal, bagaman maaaring hindi nila lubos na natapos ang suriin ang kanilang mga kuru-kuro, o ganap na isantabi at lutasin sila, itinuturo ng katotohanan ang kanilang mga saloobin at pag-uugali mula sa loob, at ginagabayan din sila nito sa kanilang pagganap ng kanilang tungkulin kaya hindi apektado ang kanilang tungkulin. Maaaring dumating ang araw na may mangyari sa kanila at nalutas ang kanilang mga kuro-kuro. Hindi ba ito ang tamang paraan ng pagsasagawa? Maaaring hindi nasisiyahan ang ilan sa pag-aayos na ginawa ng Diyos para sa kanila, o sa bagay na ginawa ng Diyos, na nagbubunga ng mga kuru-kuro sa kanila, at sa bandang huli ay wala na silang pakialam sa kanilang tungkulin, at hindi ito ginampanan nang maayos. Patuloy silang umiiral sa isang uri ng negatibong kalagayan, nang may pagtutol, walang kasiyahan, at sama ng loob sa kanilang mga puso. Tama ba ang gayong pag-uugali? Madali bang malutas ang mga ganoong bagay? Sabihin nang, halimbawa, iniisip mong napakatalino mo, at sasabihin kong kong hangal ka at hindi nauunawaan ang mga espiritwal na bagay. Ang marinig ito ay nagpapagalit sa iyo at ika'y nagiging palaban: "Walang nangangahas na sabihing hindi ko nauunawaan ang mga bagay na espiritwal. Ito ang unang pagkakataong narinig ko iyan. Hindi ko matanggap ang mga salitang ito. Maaari ko bang pamunuan ang simbahan kung hindi ko nauunawaan ang mga bagay na espiritwal? Makagagawa ba ako ng napakahusay na mga gawain?" May tunggaliang umuusbong, oo? Kaya ano ang dapat gawin? Madali ba para sa mga taong pagnilayan ang kanilang sarili kapag nangyari sa kanila ang mga ganitong bagay? Anong uri ng mga tao ang kayang magnilay sa kanilang sarili? Ang mga taong tumatanggap at naghahangad ng katotohanan. Una, dapat mong tanggihan ang iyong sarili. Kahit na kulang ka ng tumpak na kaalaman sa iyong sarili, at hindi naramdaman kung tama ka o mali, o mayroon kang antas ng kamangmangan, sa sandaling marinig mo na sabihin ng Diyos na ikaw hangal at hindi nauunawaan ang mga bagay na espiritwal, bagaman hindi

mo ito alam sa sarili mo, ito ang kahulugan ng Diyos patungkol sa iyong kalikasang diwa—dapat mong yakapin ang mga salitang ito bilang katotohanan, at ilapat ang mga ito sa iyong sarili, kahit na iba ang nasa-isip mo. Pagkatapos, habang nagtatrabaho at nakikipag-ugnay sa iba, sa pamamagitan ng paghahambing ng iyong sarili sa kanila, nakikita mong hindi lamang hindi mo nauunawaan ang mga bagay na espiritwal, ngunit napakamangmang mo rin. Sa pagtuklas na mayroon kang malubhang suliranin, hindi mo ba ganap na tatanggapin ang sinabi ng Diyos? Dapat mong tanggapin ang mga salitang ito. Tanggapin muna ang mga ito bilang patakaran, kahulugan, o konsepto, at pagkatapos ay mag-isip ng paraan upang mailapat ito sa iyong sarili sa iyong tunay na buhay, mag-isip ng isang paraan upang malaman at maranasan ito. Habang tumatagal, magkakaroon ka ng tamang pagsusuri ng iyong sarili. Magkakaroon ka pa rin ba ng mga hindi pagkakaunawa sa Diyos kung gayon? Kapag walang hindi pagkakasundo sa pagitan mo at ng Diyos tungkol sa bagay na ito, magagawa mo pa rin ba ngtumutol sa pagtatasa sa iyo ng Diyos? Tatanggapin mo ito at titigil sa pagsuway. Kung matatanggap mo ang katotohanan at lubusang mauunawaan ang bagay na ito, hahakbang ka nang pasulong; kung hindi mo ito tatanggapin, mananatili magpakailanman sa kung nasaan ka, at hindi makagagawa ng anumang pag-unlad.

Hinango mula sa “Sa pamamagitan lamang ng Paglutas ng mga Kuro-kuro Maaaring Makapasok sa Tamang Landas ng Paniniwala sa Diyos (1)” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kapag lumilikha ang mga tao ng hindi pagkakaunawaan at mga kuro-kuro tungkol sa Diyos, dapat muna nilang kilalanin na ang Diyos ang katotohanan at wala sa mga tao ang katotohanan, at tiyak na sila ang nagkakamali. Isang uri ba ito ng pormalidad? Kung ginagamit mo lamang ang pagsasagawang ito bilang pormalidad, mababaw, malalaman mo ba kung ganung ang mga sariling mong pagkakamali? Hindi kailanman. Kinakailangan ang maraming hakbang. Una, dapat mong matukoy kung ang iyong mga kilos ay naaayon sa mga prinsipyo. Huwag mo munang

tingnan ang iyong hangarin; may mga pagkakataong tama ang iyong mga hangarin ngunit ang mga prinsipyong isinasagawa mo ay mali. Bakit ko sinasabing mali ang mga prinsipyong isinasagawa mo? Maaaring naghangad ka ngunit marahil ay wala ka talagang pag-unawa sa kung ano ang mga prinsipyo; marahil ay hindi ka talaga naghangad, at nakabatay lamang sa iyong mabubuting hangarin at sigasig, at sa iyong guniguni at karanasan, at samakatuwid ay nakagawa ka ng isang pagkakamali. Naiisip mo ba iyon? Kapag nabibigo kang asahan ang isang bagay, nagkakamali ka—at hindi ka pa ba nalantad kung ganun? Sa sandaling malantad ka, kung patuloy kang makikipaglaban sa Diyos, paano ka magkakamali kung gayon? Ang pinakamalaki mong pagkakamali ay hindi dahil sa gumawa ka ng mali at lumabag sa mga prinsipyo, na nagdulot ng pagkawala o iba pang mga kinahinatnan, ngunit na, sa paggawa ng isang mali, nagpatuloy ka pa rin at hindi makaamin sa iyong pagkakamali; nilabanan mo pa rin ang Diyos ng ng iyong mga kuru-kuro at guniguni, itinatangging tama ang Kanyang gawa. Ito ang pinakamalaki at pinakamalubhang pagkakamali. Bakit ang gayong kalagayan sa tao ay magiging isang pagtutol sa Diyos? Kinikilala man o hindi ng mga tao na ang lahat ng ginagawa ng Diyos at ang Kanyang kataas-taasang kapangyarihan ay tama, at kung anong kabuluhan nito, kung hindi muna nila matatanggap na sila mismo ay mali, ang kanilang kalagayan ay isang pagtutol laban sa Diyos kung gayon. Ano ang dapat gawin upang maitama ang kalagayang ito? Ang paghahanap sa kalooban ng Diyos, tulad ng nabanggit, ay hindi masyadong praktikal para sa mga tao. Sinasabi ng ilan, “Kung hindi masyadong praktikal ang paghahanap, nangangahulugan ba itong hindi ito kinakailangan kung gayon, at hindi kinkailangang hanapin anumang maaaring mahanap at maunawaan? Maaari kong laktawan na lang ang hakbang na iyon.” Puwede na ba ito? Hindi ba sadyang walang kaligtasan ang kumikilos sa ganitong paraan? Lubhang nakalihis at nagkakamali sa kanilang interpretasyon ang mga ganitong tao. Ang paghahanap sa kalooban ng Diyos ay tila pasikot-sikot na gawain para sa mga tao; kung nais nilang dumaan sa mas makatotohanan na daang maiksi, dapat silang magsimula

sa pamamagitan ng pagkakait sa kanilang mga sarili, pagsasantabi ng kanilang sarili, pagkilala na ang kanilang mga aksyon ay mali at hindi umaayon sa katotohanan, at paghahanap sa katotohanang prinsipyo. Ito ang mga hakbang. Maaaring mukha silang simple, subalit ang pagsasagawa sa kanila ay naghahayag ng maraming paghihirap, sapagkat ang mga tao ay may mga tiwaling disposisyon gayundin ang lahat ng uri ng pag-iisip, lahat ng uri ng pangangailangan, at mayroon din silang mga hangarin, na lahat ay nakagagambala sa mga taong nagkakait sa kanilang sarili at ibinababa ang kanilang mga sarili. Hindi ito madaling gawin.

Hinango mula sa “Sa pamamagitan lamang ng Paglutas ng mga Kuro-kuro Maaaring Makapasok sa Tamang Landas ng Paniniwala sa Diyos (3)” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Hindi kailanman naghahanap ng katotohanan ang ilang mga tao habang ginagampanan ang kanilang tungkulin. Ginagawa lamang nila kung anong gusto nila, kumikilos nang may katigasan ang ulo ayon sa kanilang sariling mga haka, at laging di-makatwiran at padalos-dalos. Ano ang ibig sabihin ng pagiging “di-makatwiran at padalos-dalos”? Nangangahulugan ito na kapag nakakaharap ka ng isang usapin, ang kumilos sa paanong tingin mong naaangkop, nang hindi pinag-iisipan, walang pag-aalintana sa sinasabi ng iba. Walang sinuman ang nakakalusot sa iyo, at walang sinuman ang makapagpapabago sa iyong isip, sa gayon hindi ka matitinag kahit bahagya; naninindigan ka, at kahit na may katuturan ang sinasabi ng iba, hindi ka nakikinig, at naniniwalang ang iyong pamamaraan ang tama. Magkagayunman, hindi ba dapat mataman mong pakinggan ang mga mungkahi ng iba? Gayunman, hindi ka matamang nakikinig. Tinatawag ka ng iba na matigas ang ulo. Gaano katigas ang ulo? Napakatigas ng ulo na sampung baka ay hindi ka mahahatak—napakatigas ng ulo, mapagmataas at sukdulan ang pagkasutil, ang uring hindi nakikita ang katotohanan hanggang ito ay kitang-kita na. Hindi ba tumataas ang gayong katigasan ng ulo sa antas ng pagiging sutil? Ginagawa mo ang anumang nais mo, anuman ang iniisip mong gawin, at hindi ka nakikinig sa sinuman. Kung

may magsasabi sa iyo na hindi naaayon sa katotohanan ang bagay na ginagawa mo, sasabihin mo, “Gagawin ko ito naaayon man ito o hindi sa katotohanan. Kung hindi ito naaayon sa katotohanan, bibigyan kita ng ganito-at-ganoong dahilan, o gayon-at-ganyang pangangatwiran. Gagawin kong mapakinggan mo ako. Handa ako rito.” Maaaring sabihin ng iba na nakagagambala ang iyong ginagawa, na magdudulot ito ng malulubhang kahihinatnan, na makakasira ito sa kapakanan ng bahay ng Diyos—ngunit hindi mo sila pinakikinggan, bagkus ay nag-aalok pa ng mas marami ng iyong pangangatuwiran: “Ito ang aking ginagawa, gusto mo man ito o hindi. Gusto ko itong gawin sa ganitong paraan. Maling-mali ka, at lubos akong makatwiran.” Marahil nga’y makatwiran ka, at walang malubhang kahihinatnan ang iyong ginagawa—ngunit anong disposisyon ang iyong inilalantad? (Kayabangan.) Ang likas na kayabangan ay ginagawa kang sutil. Kapag sutil ang disposisyon ng mga tao, hindi ba madali silang maging matigas ang ulo? Kung gayon, paano mo lulutasin ang katigasan ng iyong ulo? Kapag mayroon kang ideya, inilalabas mo ito at sinasabi mo ang nasa isip mo at naniniwala ka rito, at pagkatapos, sinasabi mo ito sa lahat ng tao. Una, maaari mong ipaliwanag ang pananaw mo at hanapin ang katotohanan; ito ang unang hakbang na dapat isagawa para madaig ang disposisyong ito ng katigasan ng ulo. Nangyayari ang ikalawang hakbang kapag nagpapahayag ang ibang mga tao ng salungat na mga opinyon—ano ang maisasagawa mo para hindi maging matigas ang ulo mo? Dapat ka munang magkaroon ng saloobing mapagpakumbaba, isantabi ang pinaniniwalaan mong tama, at hayaang magbahagi ang lahat. Kahit naniniwala ka na tama ang iyong paraan, hindi mo ito dapat ipagpilitan. Iyan, una sa lahat, ay isang uri ng pagsulong; ipinapakita nito na hinahanap mo ang katotohanan, ng pagtanggi sa iyong sarili, at tinutupad mo ang kalooban ng Diyos. Kapag nagkaroon ka na ng ganitong saloobin, kasabay ng hindi mo pagkapit sa sarili mong opinyon, nagdarasal ka. Dahil hindi mo alam ang kaibhan ng tama at mali, hinahayaan mong ihayag at sabihin sa iyo ng Diyos kung ano ang pinakamainam at pinakaangkop na gawin. Habang sumasali ang lahat sa pagbabahagi,

naghahatid ng kaliwanagan ang Banal na Espiritu sa inyong lahat. Nililiwanagan ng Diyos ang mga tao ayon sa isang proseso, na kung minsan ay isinasaalang-alang lamang ang iyong pag-uugali. Kung ang pag-uugali mo ay isang mahigpit na paggigiit sa sarili, itatago ng Diyos ang Kanyang mukha mula sa iyo at isasara ang Kanyang sarili sa iyo; ilalantad ka Niya at titiyaking hindi ka makauusad. Sa kabilang banda, kung tama ang iyong pag-uugali, hindi mapilit sa sarili mong paraan, ni hindi mapagmagaling, ni di-makatwiran at padalos-dalos, bagkus ay isang pag-uugali ng paghahanap at pagtanggap ng katotohanan, kung gayon, kapag nakipagsalamuha ka sa grupo, at nagsimulang gumawa ang Banal na Espiritu sa inyo, aakayin ka Niya marahil sa pag-unawa sa pamamagitan ng mga salita ng iba. Minsan, kapag nililiwanagan ng Banal na Espiritu ang isang tao, inaakay ka Niya na maunawaan ang pinakakahulugan ng isang bagay sa pamamagitan ng ilang salita o parirala lamang. Napagtatanto mo, sa sandaling iyon, na anuman ang iyong kinakapitan ay mali, at, sa sandali ring iyon, nauunawaan mo ang pinakaangkop na paraan ng pagkilos. Sa pagdating sa gayong antas, nagtagumpay bang maiwasan ng isang tao ang paggawa ng kasamaan, pagtahak sa maling landas, at pagpasan ng mga kahihinatnan ng isang pagkakamali? Paano nakakamit ang ganoong bagay? Nakakamit ito sa pamamagitan ng pusong sumusunod at naghahanap. Sa sandaling makaya mo itong makamit, sa huli, kikilos ka nang naaangkop, at mapalulugod mo ang kalooban ng Diyos.

Hinango mula sa Pagbabahagi ng Diyos

Ang isang problema o kalagayan ay laging malulutas ng katotohanan, anumang uri ng problema o kalagayan ito. Anumang uri ng problema mayroon ka, hangga't tinatatanggap mo ang katotohanan at mula sa pagiging teorya ay ginagawa itong realidad at isinasagawa ito at pinapasok ito, anong uri ka man ng tao, dadaan ka sa pagbabago at paglago. Ito ay ganap; ito ay totoong-totoo. Ang diin ay nasa puso ng mga tao at nasa kanilang mga pagpili, at kung tumatalikod sila sa Diyos o sumusunod sa Kanya at nagpapasakop sa Kanyang mga salita kapag nahaharap sila sa

isang problema. Tungkol din ito sa kung pinipili ng mga tao na bigyang-kasiyahan ang kanilang pisikal na pagnanasa kapag nahaharap sa kung ano, o kung sa halip ay kaya nilang talikdan ang kanilang laman at isagawa ang katotohanan, kumilos nang alinsunod sa mga salita ng Diyos. Ang pangunahing tuon ay sa mga bagay na ito. Pagdating naman sa mga tao na laging pinipili ang pagbibigay-kasiyahan sa kanilang laman at mga pagnanasa sa pamamagitan ng pagsunod sa kagustuhan at hangad ng katawan, hindi nila kailanman mararanasan ang kahulugan o halaga ng pagsasagawa ng katotohanan. Sa kabilang dako, ang mga tao na kayang talikdan ang laman, bitawan ang pansariling mga plano at pagnanasa, na nakagagawa ayon sa katotohanan at nakapapasok sa realidad ng katotohanan ay unti-unting makararanas kung ano ang kahulugan ng pagsasagawa ng katotohanan, mapagtatanto ang saya at lugod sa pagsasagawa ng katotohanan, at unti-unting magagawang makamit ang pagkaunawa sa kabuluhan ng mga salita ng Diyos at kung ano ang kahulugan at halaga ng paghingi ng Diyos na kumilos ang mga tao sa ganitong paraan. Ano ang kalalabasan kapag ginawa ito ng mga tao? Ito ay ang parami nang parami ang mga positibong bagay na natatamasa nila, at nagkakamit sila ng palaki nang palaking kakayahan na mawari ang mga negatibong bagay, na siya ring tuon ng padagdag nang padagdag na pagkamuhi, pagkasuklam, at pagkasiphayo. Kapag ang mga tao ay may mga ganito nang katayuan at pagpapahayag, lalong lalago ang kanilang pananampalataya sa Diyos. Kung ganito sila madalas magsagawa, kasusuklaman nila ang sarili nilang katiwalian, kasamaan, kayabangan, pagkamakasarili, pagkasuwail, at paglaban, at magbubunga ng pagkamuhi, pagkasuklam at pagkainis sa kanilang kalikasan at diwa. Samantala, mararamdaman din nila ang pag-ayaw sa mga negatibong bagay na kanilang makakaugnay sa kanilang paligid. Sila ang magpapasimula ng mga ganitong kalagayan. Sa isang dako, matatamo ito sa pamamagitan ng pagkilala nila sa kanilang mga sarili. Sa kabilang dako, habang nalilikha ang pagkamuhi at pagkasuklam na ito, anong mga pagbabago ang nasa saloobin ng mga tao ukol sa katotohanan? Nagsisimula silang maghangad

na maisagawa ang katotohanan, ang magkaroon ng tayog at sapat na kagustuhan na isagawa ang katotohanan, at umaasa sila na makapasok sa realidad ng katotohanan, mapalugod ang kalooban ng Diyos, at maging nilalang na may budhi, may katinuan, at may realidad ng katotohanan. Nauuhaw rin sila na magawang magpasakop sa Diyos, magpasakop sa lahat ng kapaligirang isinaayos ng Diyos, at pigilan ang sarili na maghimagsik laban sa Kanya; hinahangad nilang mapalugod ang kalooban ng Diyos.

Hinango mula sa "Tanging sa Paghahanap ng Katotohanan Magagawa ng Isang Tao na Makapasok sa Realidad Nito" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

50. Ang mga Prinsipyo ng Pagtalikod sa Sarili

(1) Tanggapin ang paghatol at pagkastigo ng Diyos, at alamin ang iyong kalikasang diwa. Sa pamamagitan lamang ng totoong pagkakilala sa sarili na matatalikuran at maisusumpa ng isang tao ang kanyang sarili;

(2) Ang pagsumpa sa laman ay katumbas ng pagsumpa kay Satanas. Kung hindi isinasagawa ng isang tao ang katotohanan o hindi niya minamahal ang Diyos, dapat siyang sumpain, gaya ng itinadhana ng Langit at pinagtibay ng lupa;

(3) Sa pamamagitan lamang ng tunay na pagkakilala sa Diyos na magagawang totoong kasuklaman ng isang tao si Satanas. Sumpain mo ang iyong sarili sa halip na ipinupukol mo ang sisi sa Diyos, at manindigan ka sa iyong patotoo alang-alang sa Kanyang kaluguran;

(4) Ang isang taong nasusuklam sa malaking pulang dragon ay talagang magagawang kasuklaman at sumpain ang kanyang sarili, kaya't matatalikuran niya ang malaking pulang dragon, at magagawang tunay na mahalin at magpasakop sa Diyos.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang gawaing ginagawa ngayon ay upang talikdan ng mga tao si Satanas, ang kanilang sinaunang ninuno. Lahat ng paghatol sa pamamagitan ng salita ay naglalayong ilantad ang tiwaling disposisyon ng

sangkatauhan at bigyang-kakayahan ang mga tao na maunawaan ang diwa ng buhay. Ang paulit-ulit na mga paghatol na ito ay tumatagos sa puso ng mga tao. Bawat paghatol ay tuwirang nakakaapekto sa kanilang kapalaran at naglalayong sugatan ang kanilang mga puso para kanilang mapakawalan ang lahat ng bagay na iyon at nang sa gayon ay makilala ang buhay, makilala ang maruming mundong ito, makilala ang karunungan at pagka-makapangyarihan sa lahat ng Diyos, at makilala rin ang sangkatauhan na ginawang tiwali ni Satanas. Habang lalong tumatanggap ang sangkatauhan ng ganitong uri ng pagkastigo at paghatol, mas masusugatan ang puso ng tao at mas magigising ang kanyang espiritu. Ang paggising sa espiritu ng mga taong ito na napakatiwali at lubhang nalinlang ang mithiin ng ganitong uri ng paghatol. Ang tao ay walang espiritu, ibig sabihin, ang kanyang espiritu ay matagal nang namatay at hindi niya alam na may Langit, hindi niya alam na mayroong Diyos, at tiyak na hindi nalalamang siya ay nakikipagtunggali sa bangin ng kamatayan; paano niya malalaman na siya ay namumuhay sa loob nitong masamang impiyerno sa lupa? Paano niya malalaman na itong nabubulok na bangkay niya, sa pamamagitan ng katiwalian ni Satanas, ay nahulog tungo sa Hades ng kamatayan? Paano niya malalaman na ang lahat sa lupa ay matagal nang nawasak na hindi na maaayos ng sangkatauhan? At paano niya malalaman na ang Lumikha ay dumating sa lupa ngayon at naghahanap ng isang pangkat ng mga tiwaling tao na maaari Niyang iligtas? Kahit pagkatapos maranasan ng tao ang bawat posibleng pagpipino at paghatol, ang kanyang mapurol na kamalayan ay bahagya pa ring napupukaw at halos hindi tumutugon. Ang sangkatauhan ay nagpakasama-sama! At bagama’t ang ganitong uri ng paghatol ay tulad ng mabagsik na yelong ulan na nahuhulog mula sa papawirin, mayroon itong pinakamalaking pakinabang sa tao. Kung hindi sa paghatol sa mga tao na gaya nito, hindi magkakaroon ng bunga at magiging ganap na imposible na iligtas ang mga tao mula sa bangin ng paghihirap. Kung hindi sa gawaing ito, magiging napakahirap para sa mga tao na lumabas mula sa Hades dahil ang kanilang mga puso ay matagal nang namatay at ang kanilang

mga espiritu ay matagal nang niyurakan ni Satanas. Ang pagliligtas sa inyo na nalubog sa pinakamalalim na kalaliman ng pagkabulok ay nangangailangan ng pagtawag sa inyo nang buong lakas, paghatol sa inyo nang buong lakas, at saka lamang magiging posible na gisingin ang mga nanlalamig ninyong puso.

Hinango mula sa “Tanging ang Nagawang Perpekto ang Makakapamuhay ng Makahulugang Buhay” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Nagawang tiwali ni Satanas ang mga tao kaya hindi nila lubos na nababatid ang sarili nilang tunay na mga kalagayan. Ngunit para sa Diyos, ang kamandag ni Satanas ay nasa bawat bahagi ng kanilang katawan, maging sa kanilang utak sa buto; dahil dito, mas malalim ang mga paghahayag ng Diyos, mas nahihintakutan ang mga tao, at sa gayon ay nakikilala ng lahat ng tao si Satanas at nakikita si Satanas sa tao, sapagkat wala silang kakayahang makita si Satanas sa kanilang mga mata. At dahil lahat ay nakapasok na sa realidad, inilalantad ng Diyos ang likas na pagkatao ng tao—na ibig sabihin, inilalantad Niya ang larawan ni Satanas—at sa gayon ay tinutulutan ang tao na mamasdan ang tunay at nahihipong Satanas, na mas nagpapakilala sa kanila sa praktikal na Diyos. Tinutulutan ng Diyos ang tao na makilala Siya sa katawang-tao, at binibigyan Niya ng anyo si Satanas, na nagtutulot sa tao na makilala ang tunay at nahihipong Satanas sa katawang-tao ng lahat ng tao. Ang sari-saring kalagayang binabanggit ay pawang mga pagpapahayag ng mga gawa ni Satanas. Kaya nga, masasabi na lahat ng may katawang-tao ay naglalarawan kay Satanas. Ang Diyos ay hindi kasundo ng Kanyang mga kaaway—galit sila sa isa’t isa, at dalawa silang magkaibang puwersa; samakatuwid, ang mga demonyo ay mga demonyo magpakailanman, at ang Diyos ay Diyos magpakailanman; hindi sila magkasundo na tulad ng apoy at tubig, at palaging magkahiwalay na tulad ng langit at lupa.

Hinango mula sa “Kabanata 22 at 23” ng Mga Pakahulugan sa mga Hiwaga ng mga Salita ng Diyos sa Buong Sansinukob sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang sangkatauhan ay walang iba kundi ang Aking kaaway. Ang

sangkatauhan ay ang masama na lumalaban at sumusuway sa Akin. Ang sangkatauhan ay walang iba kundi ang anak ng masama na Aking isinumpa. Ang sangkatauhan ay walang iba kundi ang inapo ng arkanghel na nagkanulo sa Akin. Ang sangkatauhan ay walang iba kundi ang pamana ng diyablo, na tinanggihan Ko nang may pagkamuhi noong unang panahon, na naging kaaway Ko na hindi ko nakasundo simula noon. Para sa kalangitan sa itaas buong sangkatauhan ay malabo at madilim, wala ni katiting na impresyon ng kalinawan, at ang mundo ng tao ay nalubog sa sukdulang kadiliman, kaya ni hindi makita ng nabubuhay rito ang kanyang nakaunat na kamay na nasa kanyang harapan o ang araw kapag siya ay nakatingala. Ang daan na kanyang tinatapakan, na maputik at puro lubak, ay paliku-liko; nagkalat ang mga bangkay sa buong lupain. Ang madidilim na sulok ay puno ng mga labi ng patay, at sa malalamig at madidilim na sulok ay naninirahan ang mga pulutong ng mga demonyo. At saanman sa mundo ng mga tao paroo't parito ang mga demonyo nang sama-sama. Ang mga anak ng lahat ng klase ng mga halimaw, na natatakpan ng dumi, ay subsob sa matinding labanan, na ang ingay ay nakasisindak sa puso. Sa gayong mga pagkakataon, sa gayong mundo, sa gayong "paraiso sa lupa," saan tutungo ang isang tao upang maghanap ng mga kagalakan sa buhay? Saan makakapunta ang isang tao upang mahanap ang kanyang hantungan sa buhay? Ang sangkatauhan, na matagal nang tinatapakan ni Satanas, sa simula pa lamang ay naging isang artistang taglay ang larawan ni Satanas—higit pa riyan, ang sangkatauhan ang sagisag ni Satanas, at nagsisilbing katibayan na nagpapatotoo kay Satanas, nang napakalinaw. Paano makakapagpatotoo sa Diyos ang gayong lahi ng tao, gayong pangkat ng masama't kasuklam-suklam, gayong supling ng tiwaling pamilyang ito ng tao? Saan galing ang Aking kaluwalhatian? Saan maaaring magsimula ang isang tao na banggitin ang Aking patotoo? Sapagkat ang kaaway, dahil nagawa nang tiwali ang sangkatauhan, ay kinakalaban Ako, naangkin na ang sangkatauhan—ang sangkatauhang nilikha Ko noong unang panahon at pinuspos ng Aking kaluwalhatian at Aking pagsasabuhay—at dinungisan sila. Naagaw nito ang Aking

kaluwalhatian, at ang tanging itinanim nito sa tao ay lason na lubhang nahaluan ng kapangitan ni Satanas, at katas mula sa bunga ng puno ng kaalaman tungkol sa mabuti at masama.

Hinango mula sa “Ang Kahulugan ng Maging Isang Tunay na Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung napakababaw ng kaalaman ng mga tao tungkol sa kanilang sarili, makikita nila na imposibleng lutasin ang mga problema, at talagang hindi magbabago ang kanilang disposisyon sa buhay. Kailangang makilala nang malalim ng isang tao ang kanyang sarili, na ibig sabihi’y malaman ng isang tao ang kanyang sariling likas na pagkatao: anong mga elemento ang kasama sa pagkataong iyon, paano nagsimula ang mga bagay na ito, at saan nanggaling ang mga ito. Bukod pa riyan, talaga bang nagagawa mong kamuhian ang mga bagay na ito? Nakita mo na ba ang sarili mong pangit na kaluluwa at likas na kasamaan? Kung talagang nagagawa mong makita ang katotohanan tungkol sa iyong sarili, magsisimula kang kasuklaman ang iyong sarili. Kapag kinasuklaman mo ang iyong sarili at pagkatapos ay isinagawa mo ang salita ng Diyos, magagawa mong talikuran ang laman at magkakaroon ka ng lakas na isagawa ang katotohanan nang walang hirap. Bakit maraming taong sumusunod sa kagustuhan ng kanilang laman? Dahil itinuturing nila ang kanilang sarili na mahusay, na nadarama na tama at makatwiran ang kanilang ikinikilos, na wala silang kamalian, at na talaga ngang tama sila, samakatuwid ay maaari silang kumilos na ipinapalagay na nasa panig nila ang katarungan. Kapag kinikilala ng isa kung ano ang tunay niyang kalikasan—gaano kapangit, gaano kasuklam-suklam, at gaano kaawa-awa—hindi na niya ipinagmamalaki nang labis ang kaniyang sarili, hindi na masyadong mapagmataas, at hindi na gaanong nasisiyahan sa kaniyang sarili tulad ng dati. Nararamdaman ng gayong tao, “Kailangan kong maging masigasig at makatotohanan, at isagawa ang ilan sa mga salita ng Diyos. Kung hindi, ako ay hindi aabot sa pamantayan ng pagiging tao, at mahihiyang mamuhay sa harapan ng Diyos.” Nakikita niyang tunay ang sarili bilang

napakahamak, bilang totoong walang halaga. Sa pagkakataong ito ay nagiging madali para sa isa na isakatuparan ang katotohanan, at ang isa ay mas magmumukhang katulad ng kung ano dapat ang isang tao. Kapag tunay na kinasuklaman ng mga tao ang kanilang sarili, saka lang nila nagagawang talikuran ang laman. Kung hindi nila kinasusuklaman ang kanilang sarili, hindi nila magagawang talikuran ang laman. Ang tunay na pagkamuhi sa sarili ay binubuo ng ilang bagay: Una, pagkaalam sa sariling likas na pagkatao; at pangalawa, pagkakita sa sarili na nangangailangan at kaawa-awa, pagkakita sa sarili na napakahamak at walang kabuluhan, at pagkakita sa sariling kaawa-awa at maruming kaluluwa. Kapag lubos na nakikita ng isang tao kung ano siya talaga, at ito ang kinahinatnan, talagang nagtatamo siya ng kaalaman tungkol sa sarili, at masasabi na lubos na niyang nakilala ang kanyang sarili. Saka lamang niya talaga maaaring kamuhian ang kanyang sarili, hanggang sa isumpa niya ang kanyang sarili, at talagang madama niya na labis siyang nagawang tiwali ni Satanas kaya ni hindi siya mukhang tao. Sa gayon, balang araw, kapag lumitaw ang panganib ng kamatayan, iisipin ng taong iyon, “Ito ang matuwid na parusa ng Diyos. Tunay ngang matuwid ang Diyos; dapat talaga akong mamatay!” Sa puntong ito, hindi siya magrereklamo, lalo nang hindi niya sisisihin ang Diyos, nadarama lamang na siya ay talagang nangangailangan at kaawa-awa, napakarumi at napakatiwali kaya dapat siyang puksain ng Diyos, at ang isang kaluluwang katulad ng sa kanya ay hindi nababagay na mabuhay sa lupa. Sa puntong ito, hindi lalabanan ng taong ito ang Diyos, lalo nang hindi siya magtataksil sa Diyos. Kung hindi nakikilala ng isang tao ang kanyang sarili, at itinuturing pa rin ang sarili niya na mahusay, iisipin ng taong ito kapag malapit na siyang mamatay, “Napakabuti ng nagawa ko sa aking pananampalataya. Talagang nagsumikap ako sa paghahanap! Napakarami kong naibigay, nagdusa ako nang todo, subalit sa huli, hinihingi sa akin ngayon ng Diyos na mamatay ako. Hindi ko alam kung nasaan ang katuwiran ng Diyos. Bakit Niya hinihingi sa aking mamatay ako? Kung kailangang mamatay pati ang isang taong katulad ko, sino na lang ang maliligtas? Hindi ba magwawakas ang

lahi ng tao?” Una sa lahat, ang taong ito ay may mga palagay tungkol sa Diyos. Pangalawa, ang taong ito ay nagrereklamo, at hindi nagpapakita ng anumang pagpapasakop. Katulad lang siya ni Pablo: Noong malapit na siyang mamatay, hindi niya kilala ang kanyang sarili, at noong malapit na ang parusa ng Diyos, huli na para magsisi.

Hinango mula sa “Ang Kilalanin ang Sarili ay Pangunahing Tungkol sa Pagkilala sa Pantaong Kalikasan” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang susi sa pagkakamit ng pagbabago sa disposisyon ay ang malaman ng isang tao ang kanyang sariling kalikasan, at kailangang mangyari ito alinsunod sa mga pagbubunyag mula sa Diyos. Sa salita lamang ng Diyos malalaman ng isang tao ang sarili niyang kasuklam-suklam na kalikasan, makikilala sa sarili niyang kalikasan ang iba’t ibang lason ni Satanas, matatanto na siya ay hangal at mangmang, at matutukoy ang mahihina at mga negatibong elemento sa kanyang kalikasan. Pagkatapos malaman nang lubusan ang mga ito, at talagang nagagawa mong kamuhian ang sarili mo at talikdan ang laman, palaging isagawa ang salita ng Diyos, at maging handa na lubusang magpasakop sa Banal na Espiritu at sa salita ng Diyos, nasimulan mo nang tumahak sa landas ni Pedro. Kung wala ang biyaya ng Diyos, kung wala ang kaliwanagan at patnubay mula sa Banal na Espiritu, magiging mahirap tahakin ang landas na ito, dahil hindi taglay ng mga tao ang katotohanan at hindi nila magawang pagtaksilan ang kanilang sarili.

Hinango mula sa “Ang Kilalanin ang Sarili ay Pangunahing Tungkol sa Pagkilala sa Pantaong Kalikasan” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang pakikitungo ng Diyos sa panlabas na disposisyon ng mga tao ay isa ring bahagi ng Kanyang gawain; ang pakikitungo sa panlabas at di-normal na pagkatao ng mga tao, halimbawa, o sa kanilang uri ng pamumuhay at mga gawi, kanilang mga paraan at kaugalian, pati na rin kanilang mga panlabas na pagsasagawa, at kanilang sigasig. Ngunit kapag Kanyang hinihiling sa mga tao na isagawa ang katotohanan at baguhin ang kanilang mga disposisyon, ang pangunahing pinakikitunguhan ay ang mga

intensyon at kuro-kuro sa kalooban nila. Hindi mahirap na pakitunguhan lamang ang iyong panlabas na disposisyon; ito ay tulad ng paghingi sa iyo na huwag kainin ang mga bagay na gusto mo, na madali lang. Subalit, ang may kinalaman sa mga kuro-kuro na nasa iyong kalooban ay hindi madaling pakawalanan: Kailangan nito para sa tao na labanan ang laman, at mabayad ng halaga, at magdusa sa harap ng Diyos. Lalo nang ganito pagdating sa mga intensyon ng mga tao. Magmula nang maniwala ang mga tao sa Diyos, nagkimkim na sila ng maraming maling intensyon. Kapag hindi mo isinasagawa ang katotohanan, nararamdaman mong lahat ng iyong layunin ay tama, ngunit kapag may nangyari sa iyo, makikita mong maraming maling intensyon sa kalooban mo. Kaya, kapag ginagawang perpekto ng Diyos ang mga tao, sinasanhi Niya na matanto nila na maraming kuro-kuro sa kanilang kalooban na humahadlang sa kanilang pagkakilala sa Diyos. Kapag natatanto mong mali ang iyong mga intensyon, kung nagagawa mong itigil ang pagsasagawa ayon sa iyong mga kuro-kuro at intensyon, at nagagawa mong magpatotoo sa Diyos at panindigan ang iyong posisyon sa lahat ng nangyayari sa iyo, nagpapatunay ito na nalabanan mo na ang laman. Kapag nilalabanan mo ang laman, tiyak na magkakaroon ng isang labanan sa iyong kalooban. Susubukang himukin ni Satanas ang mga tao na sundin ito, susubukan sila nitong utusan na sundin ang mga kuro-kuro ng laman at panindigan ang mga interes ng laman—ngunit liliwanagan at paliliwanagin ng mga salita ng Diyos ang kalooban ng mga tao, at sa oras na ito ay nasa iyo na kung susundin mo ang Diyos o susundin si Satanas. Pangunahing hinihingi ng Diyos sa mga tao na isagawa ang katotohanan upang pakitunguhan ang mga bagay na nasa kalooban nila, upang pakitunguhan ang kanilang mga kaisipan at mga kuro-kuro na hindi kaayon ng puso ng Diyos. Pinupukaw ng Banal na Espiritu ang mga tao sa kanilang puso, at nililiwanagan at pinaliliwanag sila. Kaya sa likod ng lahat ng bagay na nangyayari ay isang labanan: Tuwing isinasagawa ng mga tao ang katotohanan, o isinasagawa ang pag-ibig sa Diyos, mayroong isang malaking labanan, at bagama’t maaaring mukhang maayos ang lahat sa kanilang laman, sa kaibuturan ng

kanilang mga puso, sa katunayan ay nagpapatuloy ang isang labanan sa pagitan ng buhay at kamatayan—at matapos lamang ng matinding labanang ito, matapos ang napakaraming pagmumuni-muni, saka mapagpapasyahan ang tagumpay o pagkatalo. Hindi alam ng isang tao kung tatawa o hihikbi. Dahil marami sa mga intensyon na nasa kalooban ng mga tao ang mali, o kaya'y dahil marami sa gawain ng Diyos ang taliwas sa kanilang mga kuro-kuro, kapag isinagawa ng mga tao ang katotohanan, isang malaking labanan ang nagaganap sa likod ng mga eksena. Matapos maisagawa ang katotohanang ito, sa likod ng mga eksena, hindi na mabilang ang mga patak ng luhang ibinuhos ng mga tao dahil sa kalungkutan bago nila tuluyang napagpasyahan na bigyang-kasiyahan ang Diyos. Dahil sa labanang ito kung kaya't dumaranas ang mga tao ng paghihirap at pagdadalisay; ito ay totoong pagdurusa. Kapag nangyari sa iyo ang labanan, kung magagawa mong tunay na pumanig sa Diyos, magagawa mong bigyan ng kasiyahan ang Diyos. Habang isinasagawa ang katotohanan, tiyak na magdurusa ang kalooban ng isang tao; kung, kapag isinagawa nila ang katotohanan, ang lahat ng nasa kalooban ng mga tao ay tama, hindi na sila kailangan pang gawing perpekto ng Diyos, at hindi magkakaroon ng labanan, at hindi sila magdurusa. Dahil maraming bagay sa kalooban ng tao ang hindi akmang gamitin ng Diyos, at dahil maraming mapanghimagsik na disposisyon ng laman, kung kaya't kailangang mas malalim na matutuhan ng tao ang aral ng paglaban sa laman. Ito ang tinatawag ng Diyos na paghihirap na Kanyang hiningi sa tao na pagdaanan kasama Niya. Kapag nakakaranas ka ng mga paghihirap, magmadali kang manalangin sa Diyos: "O Diyos! Nais kong magbigay-kasiyahan sa Iyo, nais kong tiisin ang sukdulang paghihirap upang makapagbigay-kasiyahan sa Iyong puso, at gaano man kalaki ang mga dagok na aking makatagpo, kailangan ko pa ring magbigay-kasiyahan sa Iyo. Kahit na kailanganin ko pang ibigay ang aking buong buhay, kailangan ko pa ring magbigay-kasiyahan sa Iyo!" Kapag may ganito kang kapasyahan, kapag nananalangin ka nang ganito, magagawa mong panindigan ang iyong patotoo. Tuwing isinasagawa nila

ang katotohanan, tuwing sumasailalim sila sa pagpipino, tuwing sinusubok sila, at tuwing dumarating sa kanila ang gawain ng Diyos, kailangang magtiis ang mga tao ng matinding sakit. Ang lahat ng ito ay isang pagsubok para sa mga tao, at kaya sa loob nilang lahat ay may isang digmaan. Ito ang aktwal na halagang kanilang binabayaran. Ang higit pang pagbabasa ng mga salita ng Diyos at higit pang pag-aabala ay bahagi ng kabayarang iyon. Ito ang nararapat gawin ng mga tao, tungkulin nila ito, at ang pananagutan na dapat nilang tuparin, ngunit dapat na isantabi ng mga tao yaong nasa loob nila na kailangang maisantabi. Kung hindi, gaano man katindi ang iyong panlabas na pagdurusa, gaano ka man magpakaabala, ang lahat ay mawawalan ng kabuluhan! Na ang ibig sabihin, tanging ang mga pagbabago sa iyong kalooban ang makapagsasabi kung may halaga ang iyong panlabas na paghihirap. Kapag nagbago na ang iyong panloob na disposisyon at naisagawa mo na ang katotohanan, magkakamit ng pagsang-ayon ng Diyos ang lahat ng iyong panlabas na paghihirap; kung walang naging pagbabago sa iyong panloob na disposisyon, kahit gaano karaming paghihirap ang iyong tiisin o gaano ka man magpakaabala sa panlabas, walang magiging pagsang-ayon mula sa Diyos—at ang paghihirap na hindi pinagtibay ng Diyos ay walang kabuluhan. Kaya, kung sinasang-ayunan ng Diyos ang halaga na iyong ibinayad ay malalaman sa pamamagitan ng kung nagkaroon na ba ng pagbabago sa iyo o hindi, at kung isinasagawa mo ba ang katotohanan o hindi at kung lumalaban ka ba sa sarili mong mga intensyon at mga kuro-kuro upang makamit ang pagsasakatuparan kalooban ng Diyos, ang pagkakilala sa Diyos, at ang katapatan sa Diyos. Gaano man ang iyong pag-aabala, kung hindi mo pa kailanman nagawang labanan ang sarili mong mga intensyon, kundi naghahanap ka lamang ng panlabas na mga aksyon at sigasig, at hindi kailanman nagbibigay-pansin sa iyong buhay, ang iyong paghihirap ay walang kabuluhan. Kung, sa isang tiyak na kapaligiran, mayroon kang nais sabihin, ngunit sa iyong kalooban ay nararamdaman mong hindi tamang sabihin ito, na ang pagsasabi nito ay hindi makabubuti sa iyong mga kapatid, at maaaring makasakit sa kanila, hindi mo ito sasabihin, at pipiliin

mong tahimik na masaktan ang kalooban mo, sapagka't hindi matutugunan ng mga salitang ito ang kalooban ng Diyos. Sa oras na ito, magkakaroon ng paglalaban sa iyong kalooban, ngunit ikaw ay magiging handang magdusa ng sakit at isuko ang iyong iniibig. Magiging handa kang tiisin ang pagdurusang ito upang bigyang-kasiyahan ang Diyos, at bagama't magdurusa ng sakit ang kalooban mo, hindi ka magpapadala sa laman, at ang puso ng Diyos ay masisiyahan, at kaya mapagiginhawa rin ang kalooban mo. Ito ang tunay na pagbabayad ng halaga, at ang halagang ninanais ng Diyos. Kung nagsasagawa ka sa ganitong paraan, siguradong pagpapalain ka ng Diyos; kung hindi mo makakamit ito, gaano karami man ang nauunawaan mo, o gaano ka man kahusay sa pananalita, itong lahat ay para sa wala! Kung, sa landas tungo sa pagmamahal sa Diyos, nagagawa mong tumayo sa panig ng Diyos kapag nakikipaglaban Siya kay Satanas, at hindi ka bumabalik kay Satanas, nakamit mo na ang pag-ibig sa Diyos, at nakapanindigan ka na sa iyong patotoo.

Hinango mula sa "Ang Pagmamahal Lamang sa Diyos ang Tunay na Pananampalataya sa Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang isang problema o kalagayan ay laging malulutas ng katotohanan, anumang uri ng problema o kalagayan ito. Anumang uri ng problema mayroon ka, hangga't tinatatanggap mo ang katotohanan at mula sa pagiging teorya ay ginagawa itong realidad at isinasagawa ito at pinapasok ito, anong uri ka man ng tao, dadaan ka sa pagbabago at paglago. Ito ay ganap; ito ay totoong-totoo. Ang diin ay nasa puso ng mga tao at nasa kanilang mga pagpili, at kung tumatalikod sila sa Diyos o sumusunod sa Kanya at nagpapasakop sa Kanyang mga salita kapag nahaharap sila sa isang problema. Tungkol din ito sa kung pinipili ng mga tao na bigyang-kasiyahan ang kanilang pisikal na pagnanasa kapag nahaharap sa kung ano, o kung sa halip ay kaya nilang talikdan ang kanilang laman at isagawa ang katotohanan, kumilos nang alinsunod sa mga salita ng Diyos. Ang pangunahing tuon ay sa mga bagay na ito. Pagdating naman sa mga tao na laging pinipili ang pagbibigay-kasiyahan sa kanilang laman at mga

pagnanasa sa pamamagitan ng pagsunod sa kagustuhan at hangad ng katawan, hindi nila kailanman mararanasan ang kahulugan o halaga ng pagsasagawa ng katotohanan. Sa kabilang dako, ang mga tao na kayang talikdan ang laman, bitawan ang pansariling mga plano at pagnanasa, na nakagagawa ayon sa katotohanan at nakapapasok sa realidad ng katotohanan ay unti-unting makararanas kung ano ang kahulugan ng pagsasagawa ng katotohanan, mapagtatanto ang saya at lugod sa pagsasagawa ng katotohanan, at unti-unting magagawang makamit ang pagkaunawa sa kabuluhan ng mga salita ng Diyos at kung ano ang kahulugan at halaga ng paghingi ng Diyos na kumilos ang mga tao sa ganitong paraan. Ano ang kalalabasan kapag ginawa ito ng mga tao? Ito ay ang parami nang parami ang mga positibong bagay na natatamasa nila, at nagkakamit sila ng palaki nang palaking kakayahan na mawari ang mga negatibong bagay, na siya ring tuon ng padagdag nang padagdag na pagkamuhi, pagkasuklam, at pagkasiphayo. Kapag ang mga tao ay may mga ganito nang katayuan at pagpapahayag, lalong lalago ang kanilang pananampalataya sa Diyos. Kung ganito sila madalas magsagawa, kasusuklaman nila ang sarili nilang katiwalian, kasamaan, kayabangan, pagkamakasarili, pagkasuwail, at paglaban, at magbubunga ng pagkamuhi, pagkasuklam at pagkainis sa kanilang kalikasan at diwa. Samantala, mararamdaman din nila ang pag-ayaw sa mga negatibong bagay na kanilang makakaugnay sa kanilang paligid. Sila ang magpapasimula ng mga ganitong kalagayan.

Hinango mula sa “Tanging sa Paghahanap ng Katotohanan Magagawa ng Isang Tao na Makapasok sa Realidad Nito” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kapag mayroon kang kaunting pagkaunawa tungkol sa Diyos, kapag nakikita mo ang sarili mong katiwalian at kinikilala ang pagiging kasuklam-suklam at kapangitan ng kayabangan at kapalaluan, mandidiri ka, masusuka, at mababalisa. Sadya mong magagawa ang ilang bagay upang palugurin ang Diyos at, sa paggawa nito, magiginhawahan ka. Sadya mong magagawang magpatotoo sa Diyos at, sa paggawa nito, maliligayahan ka.

Sadya mong ipapakita ang iyong tunay na pag-uugali, na inilalantad ang sarili mong kapangitan, at sa paggawa nito, bubuti ang pakiramdam mo sa iyong kalooban at madarama mo sa sarili mo na mas mabuti ang kalagayan ng iyong pag-iisip. Samakatuwid, ang unang hakbang sa paghahanap ng pagbabago sa iyong disposisyon ay ang hangaring maunawaan ang mga salita ng Diyos at makapasok sa katotohanan. Sa pamamagitan lamang ng pag-unawa sa katotohanan magkakamit ka ng pagkahiwatig; sa pagkakaroon lamang ng pagkahiwatig mo lubusang mauunawaan ang mga bagay-bagay; sa pamamagitan lamang ng lubusang pag-unawa sa mga bagay-bagay matatalikuran mo ang laman at, sa paisa-isang hakbang, makakatahak ka sa tamang landas sa iyong paniniwala sa Diyos. Konektado ito sa kung gaano kadeterminado ang mga tao kapag nagtataguyod ng katotohanan. Kung talagang desidido ang isang tao, pagkaraan ng anim na buwan o isang taon magsisimula silang tumahak sa tamang landas. Sa loob ng tatlo o limang taon, makakakita sila ng mga resulta, at madarama nila na sumusulong sila sa buhay. Kung naniniwala ka sa Diyos ngunit hindi mo itinataguyod ang katotohanan, maaari kang maniwala sa loob ng sampung taon nang hindi dumaranas ng anumang pagbabago. Sa bandang huli, iisipin mo na ito mismo ang kahulugan ng maniwala sa Diyos; iisipin mo na medyo kapareho iyon ng dati mong paraan ng pamumuhay sa mundo, at walang kabuluhan ang mabuhay. Talagang ipinapakita niyon na kung walang katotohanan, hungkag ang buhay. Maaaring nagagawa mong banggitin ang ilang salita ng doktrina, ngunit hindi ka pa rin mapapanatag at mapapakali. Kung may kaunting kaalaman ang mga tao tungkol sa Diyos, kung paano mamuhay nang makabuluhan, at makagawa ng ilang bagay na nakalulugod sa Diyos, kung gayon madarama nila na ganito talaga ang buhay, na sa pamumuhay lamang sa ganitong paraan magkakaroon ng kabuluhan ang kanilang buhay, at na kailangang mamuhay sila sa ganitong paraan upang mapalugod nang kaunti ang Diyos at masiyahan. Kung maaari nilang sadyang palugurin ang Diyos, isagawa ang katotohanan, talikuran ang kanilang sarili, talikuran ang sarili nilang mga ideya, at maging masunurin

at makonsidersyon sa kalooban ng Diyos—kung magagawa nilang sadyang gawin ang lahat ng bagay na ito—kung gayon ito ang kahulugan ng tumpak na isagawa ang katotohanan, at tunay na isagawa ang katotohanan, at hindi ito talaga katulad ng dati nilang pag-asa sa kanilang mga imahinasyon at pagkapit sa mga doktrina at panuntunan. Sa totoo lang, nakakapagod gawin ang anuman kapag hindi nila nauunawaan ang katotohanan, nakakapagod manghawak sa mga doktrina at panuntunan, at nakakapagod na hindi magkaroon ng mga mithiin at pikit-matang gawin ang mga bagay-bagay. Sa katotohanan lamang sila maaaring lumaya—hindi ito kasinungalingan—at kapag mayroon nito, madali at masaya nilang magagawa ang mga bagay-bagay. Yaong mga nagtataglay ng ganitong uri ng kalagayan ay mga taong nagtataglay ng katotohanan; sila ang mga taong nagbago na ang mga disposisyon.

Hinango mula sa “Sa Pamamagitan Lamang ng Paghahabol sa Katotohanan Nakakamit ng Isang Tao ang Pagbabago sa Disposisyon” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

51. Ang mga Prinsipyo ng Pagharap sa mga Kabiguan at Pagbagsak ng Isang Tao

(1) Kinakailangang suriin at maunawaan ang mga pinagmumulan ng mga kabiguan at pagbagsak ng isang tao. Dapat makita ng isang tao na ang mga taong may mapagmataas na kalikasan, mga kalokohan, at mga maling palagay ay walang magagawa kundi mabigo at bumagsak;

(2) Kinakailangang malaman na sa mga kabiguan at pagbagsak naroroon ang mabuting kalooban ng Diyos. Ang mga ito ang pinakamagagandang oportunidad upang makilala ang sarili, at madalas na inaakay nito ang isang tao na makapagbago;

(3) Sa paghahanap sa katotohanan, dapat may kapasyahan ang isang tao. Hindi dapat katakutan ang kabiguan at pagbagsak. Kung palaging hindi nagagawa ng isang tao na tanggapin o magpasakop sa katotohanan, hindi siya maililigtas;

(4) Dapat humugot ng mga aral ang isang tao mula sa kanyang mga kabiguan, at hanapin ang katotohanan upang maituwid ang anumang mga

paglabag. Hangga’t totoong nagsisisi ang isang tao, nakatakda siyang iligtas ng Diyos.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Pinararanas sa iyo ng Diyos ang lahat ng uri ng unos, pagdurusa, hirap, at maraming kabiguan at dagok, nang sa gayon, sa dakong huli, habang dinaranas mo ang mga bagay na ito, matutuklasan mo na tama ang lahat ng sinasabi ng Diyos, at maling lahat ang iyong mga paniniwala, kuro-kuro, imahinasyon, karunungan, pilosopikang teorya, pilosopiya, kung ano ang natutuhan mo sa mundo at naituro ng iyong mga magulang. Hindi ka nila maaakay sa tamang landas sa buhay, hindi ka nila maaakay na maunawaan ang katotohanan at humarap sa Diyos, at ang landas na iyong tinatahak ay ang landas ng kabiguan. Ito ang ipatatanto sa iyo ng Diyos sa huli. Para sa iyo, kinakailangan ang prosesong ito, at ang dapat mong matamo sa proseso ng pagdanas ng kaligtasan. Ngunit pinalulungkot din nito ang Diyos: Sapagkat suwail ang mga tao, at nagtataglay sila ng mga tiwaling disposisyon, kailangan silang sumailalim sa prosesong ito at magdanas ng mga dagok na ito. Ngunit kung totoong mahal ng isang tao ang katotohanan, kung totoong handa silang mailigtas ng Diyos, kung handa silang tanggapin ang iba’t ibang pamamaraan ng pagliligtas ng Diyos—halimbawa’y mga pagsubok, pagdisiplina, paghatol at pagkastigo—kung matibay na ang kanilang pasyang magdusa nang gayon, kung handa silang bayaran ang halagang ito, sa katunayan ay hindi nais ng Diyos na magdanas sila ng napakaraming hirap, o hindi Niya nais na magdanas sila ng napakaraming dagok at kabiguan. Ngunit napakasuwail ng mga tao. Ibig nilang tahakin ang liko-likong landas, handa silang danasin ang mga hirap na ito. Sadyang ganyang uri ng bagay ang tao, at walang mapagpipilian ang Diyos kundi ipasa ang mga tao kay Satanas, at ilagay sila sa iba’t ibang kalagayan upang lagi silang mapahinahon, kaya’t nagtatamo sila ng lahat ng uri ng karanasan at natututo ng iba’t ibang aral mula sa mga kalagayang ito, at nakikilala ang diwa ng lahat ng uri ng masasamang bagay. Pagkatapos, lumilingon sila at natutuklasan nila na ang mga salita ng Diyos ay ang katotohanan, kinikilala nila na ang mga salita ng Diyos ay

ang katotohanan, na tanging ang Diyos ang realidad ng lahat ng positibong bagay, at Diyos lamang ang Isang totoong nagmamahal sa tao, at walang sinumang mas magaling, o mas mapagmalasakit, sa tao kaysa sa Diyos. Hanggang saan napahihinahon ang mga tao, sa dakong huli? Hanggang sa saklaw na sasabihin mong, “Naranasan ko na ang lahat ng uri ng kalagayan, at walang iisang kalagayan, iisang tao, bagay o layon na makapagpapaunawa sa akin sa katotohanan, na makapagpapatamasa sa akin sa katotohanan, makapaghihikayat sa akin na pumasok sa katotohanang realidad. Masunurin lamang akong magsasagawa ayon sa mga salita ng Diyos, masunuring mananatili sa lugar ng tao, tatalima ayon sa katayuan at tungkulin ng isang nilalang, masunuring tatanggapin ang kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos, at haharap sa Lumikha nang walang anumang reklamo o anumang pagpipilian, at nang walang sarili kong mga kahilingan o paghahangad.” Kapag narating na nila ang antas na ito, totoong yuyukod na ang mga tao sa harap ng Diyos, at hindi na kailangang lumikha ang Diyos ng iba pang mga kalagayan upang maiparanas sa kanila. Kaya aling landas ang nais ninyong tahakin? Sa kanilang mga pansariling paghahangad, wala isa mang may nais na magdanas ng mga dagok, kabiguan, kagipitan, pagkasiphayo, at mga unos. Ngunit walang ibang paraan. Ang mga bagay na nasa kalooban ng tao—ang kanyang kalikasang diwa, ang kanyang pagkasuwail, ang kanyang mga pag-iisip at pananaw—ay lubhang masalimuot; bawat araw, naghahalo-halo at pumupulupot ang mga ito sa iyong loob, at lumulublob ang mga ito sa loob mo. Bahagya kang pumapasok sa katotohanang realidad, kakaunti ang nauunawaan mong katotohanan, at kulang ka ng lakas upang madaig ang diwa ng iyong tiwaling disposisyon, mga kuro-kuro, at mga imahinasyon. Samakatuwid ay wala kang ibang mapagpipilian kundi tanggapin ang ikalawang pamamaraan: palagiang magdanas ng kabiguan at pagkasiphayo, at palagiang mabuwal, siklot-siklot ng hirap, nakalublob sa putik, hanggang sa sumapit ang araw na sasabihin mong, “Pagod na ako, sawa na ako, ayaw kong mabuhay nang ganito. Ayaw kong maranasan ang mga kabiguang

ito, ibig kong humarap sa Lumikha nang may pagsunod. Pakikinggan ko ang mga salita ng Diyos, gagawin ko ang sinasabi Niya. Ito lamang ang tamang landas sa buhay." Sa araw na ganap mong inaamin ang pagkatalo, saka ka lamang haharap sa Diyos. Nangyari bang nalaman mo ang isang bagay tungkol sa disposisyon ng Diyos mula rito? Ano ang saloobin ng Diyos sa tao? Anuman ang gawin ng Diyos, ninanais Niya ang pinakamainam para sa tao. Anuman ang kapaligirang itinakda Niya o hinihingi Niyang gawin mo, lagi Niyang nais na makita ang pinakamagandang kalalabasan. Sabihin nang nagdaraan ka sa kung ano at nahaharap ka sa mga dagok at kabiguan. Hindi nais ng Diyos na makita kang nabibigo at pagkatapos ay iniisip mong tapos ka na, na naagaw ka na ni Satanas, kung kailan hindi ka na kailanman muling masasanay sa bagong kalagayan, at nasadlak ka sa kabiguan—hindi nais ng Diyos na makita ang kinalabasang ito. Ano ang nais makita ng Diyos? Maaaring nabigo ka na sa bagay na ito ngunit nagagawa mong hanapin ang katotohanan, makita ang dahilan ng iyong pagkabigo; tinatanggap mo ang katunayan ng kabiguang ito at may nakukuha ka mula rito, may natututuhan kang aral, natatanto mo na maling kumilos sa ganyang paraan, na nasa pagkilos lamang ayon sa mga salita ng Diyos ang tama. Natatanto mong, "Masama ako at may tiwali at napakasamang disposisyon. Suwail ako, may kalayuan ako sa matutuwid na tao na binabanggit ng Diyos, at wala akong pusong may takot sa Diyos." Natatanto mo ang isang di-pangkaraniwang bagay, isang totoong katunayan ng bagay, at nauunawaan mo ang mga bagay at lumalago ka sa kabila ng dagok at kabiguang ito. Ito ang nais makita ng Diyos. Ano ang ibig sabihin ng "lumago"? Ibig sabihin ay natatamo ka ng Diyos, at nagagawa mong magkamit ng kaligtasan. Ibig sabihin ay nagagawa mong pumasok sa katotohanang realidad, na napalapit ka na nang isang hakbang sa pagtapak sa landas ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan. Ito ang nais makita ng Diyos. Kumikilos ang Diyos nang may mabuting layunin, at lahat ng kilos Niya ay naglalaman ng Kanyang nakatagong pagmamahal, na madalas na hindi mapahalagahan ng mga

tao. Makitid ang isip at hamak ang tao, at kasingsikip ng butas ng karayom ang kanyang puso; kapag hindi siya kinikilala ng Diyos o hindi siya binibiyayaan o pinagpapala, sinisisi niya ang Diyos. Subalit hindi nakikipagtalo ang Diyos sa tao; inilalatag Niya ang mga kapaligirang nagbibigay ng kaalaman sa tao kung paano magtamo ng biyaya at pakinabang, kung ano ang kabuluhan ng biyaya sa tao, at kung ano ang matututuhan ng tao mula rito. Halimbawa ay ibig mong kumain ng isang mabuting bagay na sinasabi ng Diyos na masama sa iyong kalusugan kapag kinain nang labis. Hindi ka nakikinig, bagkus ay iginigiit mong kainin iyon, at hinahayaan ng Diyos na malaya kang pumili. Dahil dito, nagkasakit ka. Matapos maranasan ito nang ilang ulit, saka mo nauunawaan na ang mga salita ng Diyos ang tama, na ang lahat ng sinasabi Niya ay totoo, at dapat kang magsagawa ayon sa Kanyang mga salita. Ito ang tamang landas. Kaya nga ano ang kinahihinatnan ng mga dagok, kabiguan at kalungkutang ito na pinagdaraanan ng mga tao? Pinahahalagahan mo ang napakaingat na layon ng Diyos, at naniniwala at nakatitiyak ka rin na tama ang mga salita ng Diyos; lumalago ang iyong pananampalataya sa Diyos. May isa pa ring bagay: Sa pamamagitan ng pagdanas sa panahong ito ng kabiguan, natatanto mo ang pagkatotoo at katumpakan ng mga salita ng Diyos, nakikita mo na ang mga salita ng Diyos ay ang katotohanan, at nauunawaan mo ang prinsipyo ng pagsasagawa ng katotohanan. Kaya nga, makabubuti para sa mga tao na magdanas ng kabiguan—bagama't isang bagay rin ito na masakit, isang bagay na nagpapahinahon sa kanila. Ngunit kung ang gayong pagpapahinahon ay magpapabalik sa iyo sa harap ng Diyos sa dakong huli, tanggapin ang Kanyang mga salita, at tanggapin ang mga ito bilang katotohanan upang ang gayong pagpapahinahon, mga dagok at kabiguan ay hindi naranasan nang walang saysay. Ito ang nais makita ng Diyos.

Hinango mula sa "Paano Makikilala ang Kalikasang Diwa ni Pablo" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kapag nagdurusa kayo ng kaunting paghihigpit o paghihirap,

makakabuti iyon sa inyo; kung pinadali iyon para sa inyo, mapapahamak kayo, at kung gayon ay paano kayo mapoprotektahan? Ngayon, kinastigo, hinatulan, at isinumpa kayo kaya binigyan kayo ng proteksyon. Nagdusa na kayo nang husto kaya pinoprotektahan kayo. Kung hindi, matagal na sana kayong nahulog sa kabulukan. Hindi sinasadyang gawing mahirap ang mga bagay para sa inyo—ang likas na pagkatao ng tao ay mahirap baguhin, at kailangan itong magkaganito para magbago ang kanilang mga disposisyon. Ngayon, ni wala kayong konsiyensya o katinuang tinaglay ni Pablo, ni hindi pa ninyo taglay ang kanyang kamalayan sa sarili. Lagi kayong kailangang pilitin, at kailangan kayong palaging makastigo at mahatulan para pukawin ang inyong espiritu. Pagkastigo at paghatol ang pinakamabuti para sa inyong buhay. At kapag kinakailangan, kailangan ay mayroon ding pagkastigo ng mga katotohanang dumarating sa inyo; saka lamang kayo lubos na magpapasakop. Kapag ang inyong likas na pagkatao ay walang pagkastigo at pagsumpa, ayaw ninyong magyuko ng ulo, ayaw ninyong magpasakop. Kung hindi ninyo nakikita ang mga totoong pangyayari, walang magiging epekto. Masyadong aba at walang halaga ang inyong pagkatao! Kung wala ang pagkastigo at paghatol, magiging mahirap kayong malupig, at mahirap daigin ang inyong kawalan ng katuwiran at pagsuway. Ang inyong dating likas na pagkatao ay nakaugat nang napakalalim. Kung iniluklok kayo sa trono, wala kayong ideya sa taas ng langit at lalim ng lupa, lalong wala kayong ideya kung saan kayo patungo. Ni hindi ninyo alam kung saan kayo nagmula, kaya paano ninyo makikilala ang Panginoon ng paglikha? Kung wala ang napapanahong pagkastigo at mga sumpa sa ngayon, matagal na sanang dumating ang inyong huling araw. Huwag nang banggitin pa ang inyong kapalaran—hindi ba mas nalalapit iyon sa panganib? Kung wala ang napapanahong pagkastigo at paghatol na ito, sino ang nakakaalam kung gaano kayabang kayo sa inyong paglaki, o gaano kayo magiging masama. Nadala na kayo ng pagkastigo at paghatol na ito sa kasalukuyan, at naingatan ng mga ito ang inyong buhay. Kung “tinuruan” pa rin kayo gamit ang kaparehong mga pamamaraan tulad ng sa inyong “ama,” sino ang nakakaalam kung anong

mundo ang inyong papasukin! Wala kayo talagang kakayahang kontrolin at pagbulay-bulayin ang inyong sarili. Para sa mga taong kagaya ninyo, kung susunod at tatalima lamang kayo nang hindi nagsasanhi ng anumang panghihimasok o mga gambala, makakamtan ang Aking mga layunin. Hindi ba lalo kayong dapat magsumikap sa pagtanggap ng pagkastigo at paghatol sa ngayon? Ano ang iba pa ninyong mga pagpipilian?

Hinango mula sa "Pagsasagawa (6)" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Hindi masamang mabigo at madapa nang maraming beses; gayundin ang malantad. Napangaralan ka man, tinabas, o nalantad, kailangan mong tandaan ito sa lahat ng oras: Hindi komo inilalantad ka ay isinusumpa ka na. Mabuting bagay ang malantad; ito ang pinakamagandang pagkakataon para makilala mo ang iyong sarili. Maaari nitong baguhin ang karanasan mo sa buhay. Kung wala ito, hindi ka magkakaroon ng pagkakataon, ng kundisyon, ni ng konteksto para maunawaan mo ang katotohanan ng iyong katiwalian. Kung malalaman mo ang nasa iyong kalooban, lahat ng aspetong iyon na nakatago sa iyong kaibuturan na mahirap mapansin at matuklasan, mabuti iyan. Ang tunay na makilala ang iyong sarili ang pinakamagandang pagkakataon para mabago mo ang iyong mga pag-uugali at maging isa kang bagong tao; ito ang pinakamagandang oportunidad para magkaroon ka ng bagong buhay. Kapag tunay mong nakilala ang iyong sarili, makikita mo na kapag ang katotohanan ay naging buhay ng isang tao, mahalagang bagay iyon talaga, at mauuhaw ka sa katotohanan at papasok sa realidad. Napakagandang bagay niyan! Kung maaari mong samantalahin ang pagkakataong iyan at taimtim kang magninilay-nilay sa iyong sarili at magtatamo ng tunay na kaalaman tungkol sa iyong sarili tuwing ikaw ay mabibigo o madadapa, sa kabila ng pagiging negatibo at kahinaan, magagawa mong tumayong muli. Kapag nakaraan ka na sa pintuang ito, makakaya mo nang gumawa ng malaking hakbang at pumasok sa katotohanang realidad.

Hinango mula sa "Para Tamuhin ang Katotohanan, Dapat Matuto Ka Mula sa Mga Tao, Mga Pangyayari, at Mga Bagay sa Paligid Mo" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang maraming karanasan mo sa kabiguan, kahinaan, mga panahon ng iyong pagiging negatibo, ay masasabi na pawang mga pagsubok ng Diyos. Ito ay dahil ang lahat ay nagmumula sa Diyos, at lahat ng bagay at pangyayari ay nasa Kanyang mga kamay. Mabigo ka man o manghina at magkamali, nakasalalay ang lahat sa Diyos at abot-kamay Niya. Mula sa pananaw ng Diyos, isang pagsubok ito sa iyo, at kung hindi mo mapapansin iyon, magiging tukso iyon. May dalawang klase ng kalagayang dapat mapansin ng mga tao: Ang isa ay nagmumula sa Banal na Espiritu, at ang malamang na pinagmumulan ng isa pa ay si Satanas. Ang isa ay isang kalagayan kung saan tinatanglawan ka ng Banal na Espiritu at tinutulutan kang makilala ang iyong sarili, mamuhi at magsisi tungkol sa iyong sarili at magkaroon ng tunay na pagmamahal para sa Diyos, na italaga ang iyong puso sa pagpapalugod sa Kanya. Ang isa pa ay isang kalagayan kung saan kilala mo ang iyong sarili, ngunit negatibo ka at mahina. Maaaring sabihin na ang kalagayang ito ay ang pagpipino ng Diyos, at na panunukso rin ito ni Satanas. Kung napapansin mo na ito ang pagliligtas sa iyo ng Diyos at kung nadarama mo na malaki na ang iyong pagkakautang sa Kanya, at kung magmula ngayon ay susubukan mong suklian Siya at hindi ka na mahulog sa gayong kasamaan, kung ibubuhos mo ang iyong pagsisikap sa pagkain at pag-inom ng Kanyang mga salita, at kung palagi mong ituturing ang iyong sarili na may kakulangan, at may isang pusong nananabik, pagsubok nga ito ng Diyos. Kapag nagwakas na ang pagdurusa at sumusulong ka nang muli, aakayin, tatanglawan, liliwanagan, at pangangalagaan ka pa rin ng Diyos. Ngunit kung hindi mo ito napapansin at negatibo ka, na basta na lamang hinahayaang mawalan ka ng pag-asa, kung nag-iisip ka sa ganitong paraan, sumapit na sa iyo ang panunukso ni Satanas.

Hinango mula sa “Yaong mga Gagawing Perpekto ay Kailangang Sumailalim sa Pagpipino” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sinabi na, “Siyang sumusunod hanggang sa katapusan ay tiyak maging maliligtas,” subalit madali ba itong gawin? Hindi, at maraming tao

ang hindi makasunod hanggang sa katapusan. Marahil kapag sila ay dumadaan sa panahon ng pagsubok, o kalungkutan,tukso, sila ay maaaring bumagsak, at hindi na makakakilos nang pasulong. Lahat ng bagay na dumarating sa bawa't araw, malaki man o maliit, na kayang yumanig sa iyong pagpapasya, sakupin ang iyong puso, o paghigpitan ang iyong kakayahang gawin ang iyong tungkulin at ang iyong pasulong na pag-unlad ay nangangailangan ng masigasig na pakikitungo; dapat silang siyasating mabuti at hanapin ang kanilang katotohanan. Lahat ng bagay na ito ay nangyayari sa loob ng dako ng karanasan. Bumibitiw sa kanilang mga tungkulin ang ilang tao kapag sumasapit sa kanila ang negatibong kaisipan, at sa bawa't dagok ay wala silang kakayahang tumayong muli. Lahat ng taong ito ay mga hangal na hindi nagmamahal sa katotohanan, at hindi nila ito makakamtan kahit pa buong buhay silang manampalataya. Paano makasusunod hanggang katapusan ang mga hangal na ito? Kung sampung beses nangyari sa iyo ang isang bagay, nguni't wala kang nakamtan mula rito, isa kang mababang uri at walang silbing tao. Ang matatalinong tao at yaong may totoong kakayahan na nakakaunawa sa espirituwal na mga bagay ay mga naghahanap ng katotohanan; kung may mangyari man sa kanila nang sampung beses, marahil sa walo sa mga kasong iyon, magagawa nilang magkamit ng kaunting inspirasyon, matuto ng kaunting aral, magtamo ng kaunting kaliwanagan, at makagawa ng kaunting pagsulong. Kapag ang mga bagay ay sampung beses na nangyayari sa isang hangal—isa na hindi naiintindihan ang espirituwal na mga bagay—ni isang beses ay hindi makikinabang ang buhay niya, ni isang beses ay hindi siya babaguhin nito, at ni isang beses ay hindi nito sasanhiin na maunawaan niya ang kanyang kalikasang taglay, at iyon na ang katapusan para sa kanya. Sa tuwing may nangyayari sa kanila, natutumba sila, at sa tuwing natutumba sila, kailangan nila ang iba upang alalayan sila at himukin; kung walang pag-alalay at paghimok, hindi sila makatatayo. Kung sa tuwing may nangyayari, nanganganib silang matumba, at kung, sa bawa't pangyayari, nanganganib silang mapasama, hindi ba ito katapusan na para sa kanila? May iba pa bang katwiran upang

maligtas ang mga ganoong tao na walang silbi? Ang pagliligtas ng Diyos sa sangkatauhan ay pagliligtas sa mga nagmamahal sa katotohanan, pagliligtas sa bahagi nila na may kalooban at kapasyahan, at sa bahagi nila na naghahangad sa katotohanan at katuwiran sa kanilang puso. Ang kapasyahan ng isang tao ay ang bahagi nila sa kanilang puso na naghahangad sa katuwiran, kabutihan, at katotohanan, at nagtataglay ng konsiyensya. Inililigtas ng Diyos ang bahaging ito ng mga tao, at sa pamamagitan nito, binabago Niya ang kanilang tiwaling disposisyon, upang maunawaan at makamit nila ang katotohanan, upang malinis ang kanilang katiwalian, at mabago ang kanilang disposisyon sa buhay. Kung wala sa loob mo ang mga bagay na ito, hindi ka maliligtas. Kung sa loob mo ay walang pagmamahal sa katotohanan o pagnanais para sa pagkamakatuwiran at liwanag; kung sa tuwing makakatagpo ka ng kasamaan ay wala kang kalooban na itakwil ang masasamang bagay ni kapasyahang dumanas ng paghihirap; kung, bukod dito, manhid ang iyong konsiyensya; kung ang iyong kakayahang tumanggap sa katotohanan ay namanhid din, at ikaw ay di-nakaayon sa katotohanan at sa mga pangyayaring dumarating; at kung sa lahat ng bagay ay hindi ka nakakaintindi, at hindi mo kayang pangasiwaan o lutasin ang mga bagay-bagay nang mag-isa, kung gayon ay walang paraan upang maligtas ka. Ang ganitong tao ay walang anumang mairerekomenda sa kanila, walang anumang sulit na pagsikapan. Ang kanilang konsiyensya ay manhid, ang kanilang isip ay maputik, at hindi nila minamahal ang katotohanan ni hinahangad ang katuwiran sa kaibuturan ng kanilang puso, at gaano man kaliwanag o kalinaw ang paghahayag ng Diyos ng katotohanan, hindi sila tumutugon, na para bang sila ay patay na. Hindi ba tapos na ang mga bagay-bagay para sa kanila? Ang isang taong may natitira pang hininga ay maaari pang mailigtas sa pamamagitan ng artipisyal na paghinga, nguni't, kung siya ay pumanaw na at lumisan na ang kanyang kaluluwa, walang magagawa ang artipisyal na paghinga. Kung, sa tuwing may kinakaharap kang problema, umuurong ka rito at sinusubukang iwasan ito, nangangahulugan ito na hindi ka pa nagpapatotoo; kung gayon, kailanman

ay hindi ka maliligtas, at ganap na ang katapusan mo. Kapag nagkakaroon ka ng problema, kailangan mong kumalma at harapin ito nang tama, at kailangan mong magpasiya. Dapat mong matutuhang gamitin ang katotohanan para lutasin ang problema. Sa normal na mga panahon, ano ang silbi ng pag-unawa sa ilang katotohanan? Hindi iyon para busugin ka, at hindi lamang para mayroon kang masabi, ni hindi para lutasin ang mga problema ng iba. Ang mas mahalaga, ang silbi niyon ay para lutasin ang sarili mong mga problema, sarili mong mga paghihirap—pagkatapos mong lutasin ang sarili mong mga paghihirap, saka mo lamang malulutas ang mga paghihirap ng iba. Bakit sinasabing si Pedro ay isang bunga? Sapagka't may mahahalagang bagay na nasa kanya, mga bagay na sulit gawing perpekto; desidido siyang hanapin ang katotohanan at matatag ang kalooban; siya ay may katinuan, nakahandang dumanas ng paghihirap, at minahal ang katotohanan sa kanyang puso, at hindi niya binitawan ang mga pangyayari. Magagandang katangian ang lahat ng ito. Kung wala ka ng magagandang katangian na ito, isa itong malaking problema. Ikaw ay walang kakayahang makaranas at walang karanasan, at hindi mo kayang lutasin ang mga paghihirap ng iba. Ito ay dahil hindi mo alam kung papaano pumasok. Ikaw ay nalilito tuwing mayroong nangyayari sa iyo; ikaw ay nababalisa, umiiyak, nagiging negatibo, tumatakas, at, anuman ang gawin mo, wala kang kakayahang mapangasiwahan sila nang tama.

Hinango mula sa "Ang Mga Taong Lito ay Hindi Naliligtas" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Dapat alamin ng tao ang kanyang tiwaling disposisyon. Dapat siyang magkaroon ng kaalaman tungkol sa kanyang kalikasan, kung ano ang nagawa niya at ang landas na tinatahak niya, o kanyang mga paglabag at pagkakamali—dapat niyang suriing mabuti ang mga ito. Dagdag pa rito, dapat makitang malinaw ng tao kung bakit may-kakayahan siyang gawin ang gayong mga bagay, at kung ano ang kalikasan sa paggawa ng gayong mga bagay. Dapat rin niyang maunawaan kung ano mismo ang nilalayon ng Diyos para sa tao. Maaaring makaramdam ang tao na siya'y may-

kasalanan, may utang na loob o nasakdal dahil sa mga pagkakamaling nagawa niya, subalit tama bang lagi siyang mabalaho sa isang negatibong kalagayan? Tama ba ang ganitong uri ng pamamaraan o ang pagkakaroon ng gayong mga kaisipan? Naaayon ba ito sa katotohanan? Naaayon ba ito sa kalooban ng Diyos? Nakaahon na ba talaga ang iyong kalagayan mula rito? Tunay nga bang nalunasan na ito? O naaapektuhan pa rin ng nakaraang bagay na iyon ang iyong kasalukuyang pagsasagawa o ang landas na nilalakaran mo—pinalulungkot ka ba nito? Kung madalas mong nararamdaman ang epekto nito, ipinapakita nito na hindi pa ganap na nalutas ang bagay sa iyong puso, at hindi mo pa nakilala ang diwa nito o hindi pa nahango mula rito ang leksiyong dapat mong matutuhan. Hindi lamang ito usapin ng hindi pagkakilala sa Diyos—isa itong bagay kung saan bumabangon ang kalikasan o diwa ng tao. Ano ba ang problemang ipinagdudulduldulan nitong isaalang-alang? Ito ay kung paano lakaran ang hinaharap na landas—tapos na ang kabanatang iyon. Tinatrato ng Diyos ang mga pagpapahayag ng tao ng katiwalian batay sa kung nagagawa bang tanggapin ng tao sa wakas ang katotohanan at lutasin ang kanyang katiwalian. Dagdag pa rito, lahi ni Satanas ang mga tao, at magkapareho ang kanilang kalikasang diwa nagkasala man sila sa Diyos o hindi. Maaaring nangyari na may nagawa kang bagay, ngunit hindi lamang nagkaroon ng pagkakataon ang isa pang tao na gawin ito. At dahil ikaw ang nakagawa ng bagay, dapat maging malinaw ka sa iyong puso tungkol sa saloobing dapat mong gamitin sa harapan ng Diyos, ang mga kasagutang marapat mong ibigay sa harapan ng Diyos, at kung ano ang nais Niya. Kung nauunawaan mong ganap ang mga bagay na ito at kinikilala ang mga ito nang may buong linaw, maghanap gaya nang nararapat mong gawin, at huwag maimpluwensiyahan at mapigilan ng bagay ng iyon, kundi tahakin ang hinaharap na landas gaya nang nararapat mong gawin—ganap na itong iwanan mula ngayon, pagkatapos ay tuparin ang iyong tungkulin gaya nang nararapat. Sa isang tingin, ang pagtupad ng iyong tungkulin ngayon ay isang paraan upang pagbayaran ang mga nakaraang paglabag. Ito ang negatibong pagtingin, at bagaman

hindi ito lubhang kahangad-hangad, ito ang pinakamababang katanggap-tanggap na kaisipang dapat mayroon ka. Sa isa pang tingin, dapat kang maging maagap, at sabihing, “Anuman ang nagawa ko sa nakaraan, nauunawaan ko na ngayon ang kalooban ng Diyos at ang katotohanan. Dapat kong gawin ang aking buong makakaya upang ialay ang lahat ng kaya kong gawin—upang ialay ito sa Diyos. Dapat kong tuparing mabuti ang aking mga responsibilidad at gampanang mabuti ang aking tungkulin.” Dapat kang pumasok sa pamamagitan ng positibong pagtingin. Kahit pa mayroon kang mga kuro-kuro tungkol sa Diyos o nagkakasala ka sa Kanyang disposisyon sa paraang inilalantad mo ang iyong katiwalian, dapat kang magbulay-bulay sa iyong sarili at hanapin ang katotohanan. Matutuhan ang iyong leksyon, at huwag hayaang maimpluwensiyahan ka ng negatibong bagay na iyon mula sa nakaraan. Iwanan mo na ito, nang ganap mula ngayon.

Hinango mula sa “Sa Paghahanap Lamang sa Katotohanan Malulutas ng Tao ang Kanilang mga Paniwala at Maling-Pagkaunawa sa Diyos” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sumusunod ang ilang mga tao sa sarili nilang mga kalooban kapag kumikilos sila. Nilalabag nila ang mga prinsipyo at inaamin lamang na sila ay mapagmataas, na nakagawa lamang sila ng pagkakamali dahil wala ang katotohanan sa kanila. Sa kanilang puso, nagrereklamo pa nga silang. “Walang ibang nangangahas na magsalita o kumilos, ako lamang—at sa huli, sa akin napupunta ang responsibilidad. Katanga ko naman. Hindi ko na uulitin pa ang bagay na ito sa susunod, na palutangin ang sarili ko sa iba. Nababaril ang mga ibong iniuusli ang kanilang mga ulo!” Ano ang tingin mo sa ganitong saloobin? Saloobin ba ito ng pagsisisi? (Hindi.) Anong saloobin ito? Sa pamamagitan ng pagkakamaling nagagawa nila, nagiging madudulas at mapanlinlang sila—isang pagkahulog sa bitag, isang dagdag-katalinuhan, sabi nga. “Mapalad akong hindi ito humantong sa isang sakuna. Kung nakapagdulot ako ng sakuna, mapapasa-impiyerno ako at mawawasak. Marapat na mag-ingat ako sa hinaharap.” Hindi nila hinahanap ang katotohanan, gamit ang kanilang mga walang-kuwenta at

tusong pakana upang harapin at asikasuhin ang bagay. Matatamo ba nila ang katotohanan sa ganitong paraan? Hindi nila kaya—hindi sila marunong magsisi. Ang unang dapat gawin kapag nagsisisi ay alamin ang bagay na nagawa mo at unawain kung saan ka nagkamali, ang diwa ng problema, at ang disposisyong ibinunyag mo; magbulay-bulay sa mga bagay na ito at tanggapin ang mga ito, pagkatapos ay isagawa nang ayon sa katotohanan. Ito ang saloobin ng pagsisisi. Sa kabilang banda, kung mas madulas ang paraan ng pagsasaalang-alang mo sa usapin kaysa dati, at mas may-katusuhan at patago ang mga teknik mo, at mayroon kang mas maraming pamamaraan upang harapin ito, kung gayon, ang problemang ito ay hindi ganoon lamang kasimple gaya ng pagiging mapanlinlang. Gumagamit ka ng mga pailalim na pamamaraan at mayroon kang mga lihim na hindi isisiwalat, at ang ginagawa mo ay masama. Ang tingin sa iyo ng Diyos ay sobrang hirap mong pakitunguhan at sobrang sama, isang taong hindi lubos na inaaming nagkamali sila at hindi lubos na tinatanggap na pinakikitunguhan at tinatabas sila, ngunit walang katiting man lamang na saloobing nagsisisi. Ito ay dahil, sa iniwang-pinsala ng pangyayari o habang nangyayari ito, hindi ka man lamang nagsasagawa nang ayon sa katotohanan, ni hindi mo ito hinahanap. Ang iyong saloobin ay isang saloobing gumagamit ng mga pamamaraan, teknik, at pilosopiya ni Satanas upang malutas o iwasan ang problema, upang balutin ito sa isang maayos na pakete nang sa gayon walang nakikitang bakas ng problema ang iba, ni hindi nakikita ang mga dugtong ng pagkakabalot—at, nang sa huli, pakiramdam mo na napakatalino mo. Ito ang mga bagay na nakikita ng Diyos, sa halip na tunay kang nakapagbulay-bulay, nakapagsisi, at nakapagkumpisal ng iyong kasalanan sa harapan ng problemang dumating sa iyo, at pagkatapos ay nagpapatuloy upang hanapin ang katotohanan at nagsasagawa nang ayon sa katotohanan. Ang saloobin mo ay hindi saloobin ng isang naghahanap sa katotohanan o nagsasagawa ng katotohanan, ni hindi ito isang nagpapasakop sa kataas-taasang kapangyarihan at pagsasaayos ng Diyos, kundi isa itong saloobing gumagamit ng mga teknik at pamamaraan ni Satanas upang malutas ang

iyong problema. Binibigyan mo ang iba ng maling impresyon at lumalabang huwag mailantad ng Diyos, at ikaw ay mapagpatol at mapagdepensa pagdating sa mga pangyayaring isinaayos ng Diyos para sa iyo. Ibig sabihin nito ay mas sarado ang iyong puso kaysa dati. Kung mas sarado ka sa Diyos, makapamumuhay ka pa rin ba sa liwanag, na may kapayapaan at kaligayahan? Hindi na—nilayuan mo na ang katotohanan at nilayuan ang Diyos. Namamayani ba ang gayong kalagayan sa mga tao? "Naparusahan ako sa pagkakataong ito. Sa susunod na pagkakataon, dapat akong maging mas maingat, at mas matalino. Saligan ng buhay ang pagiging matalino-—at ang mga taong hindi matatalino ay mga dungo." Kung ganito mo laging ginagabayan at sinusulsulan ang iyong sarili, may mararating ka pa kaya? Magagawa mo pa bang matamo ang katotohanan? Kung may usaping dumating sa iyo at mahahanap mo ang katotohanan, maaari mong maunawaan ang isang aspekto ng katotohanan at matamo ang aspektong iyon ng katotohanan. Ano ba ang maaaring matamo sa pag-unawa sa katotohanan? Kapag nauunawaan mo ang isang aspekto ng katotohanan, nauunawaan mo ang isang aspekto ng kalooban ng Diyos, at nauunawaan mo kung bakit binisita ng Diyos ang bagay na ito sa iyo, kung bakit ganoon na lamang ang hinihingi Niya mula sa iyo, kung bakit magsasaayos Siya ng mga pangyayari upang kastiguhin at disiplinahin ka nang ganoon, kung bakit gagamitin Niya ang bagay na ito upang disiplinahin ka, at kung bakit nabuwal, nabigo, at nalantad ka sa bagay na ito. Kung kaya mong maunawaan ang mga bagay na ito, magagawa mong hanapin ang katotohanan at makakamit ang pagpasok sa buhay. Kung hindi mo kayang maunawaan ang mga bagay na ito at hindi tinatanggap ang mga katunayang ito, manapa'y iginigiit na sumalungat at lumaban, tungkol sa paggamit mo ng sarili mong mga teknik upang pagtakpan ang iyong sarili, sa pagharap mo sa iba at sa pagharap mo sa Diyos nang may huwad na anyo, kung gayon, hindi mo magagawang matamo ang katotohanan magpakailanman.

Hinango mula sa "Sa Paghahanap Lamang sa Katotohanan Malulutas ng Tao ang Kanilang mga Paniwala at Maling-Pagkaunawa sa Diyos" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Dapat nating ipasiya na gaano man kaseryoso ang ating mga kalagayan, anumang uri ng paghihirap ang dumarating sa atin, gaano man tayo kahina, o gaano ka-negatibo, hindi dapat tayo mawalan ng pananampalataya sa pagbabago ng disposisyon, ni sa mga salitang binitiwan ng Diyos. Binigyan ng Diyos ang tao ng pangako, at dapat magkaroon ang tao ng pagpapasiya at pagtitiyaga upang matanggap ang pangakong ito. Ayaw ng Diyos ang mga duwag, gusto ng Diyos ang mga taong may pagpapasiya. Maaaring nagpahayag ka na ng maraming katiwalian, maaaring tumahak ka na ng maraming baluktot na landas, o gumawa ng maraming paglabag, o dating lumaban sa Diyos; o di kaya, maaaring mayroong kalapastanganan, o mga pagmamaktol, o paglaban sa Diyos sa puso ng ilang tao—nguni't hindi tumitingin ang Diyos sa mga bagay na ito, tinitingnan lamang ng Diyos kung magbabago ba sila balang araw. Sa Biblia, may isang kuwento tungkol sa pagbabalik ng alibughang anak. Bakit nagkuwento ang Panginoong Jesus ng gayong parabula? Ito ay dahil ang kalooban ng Diyos na iligtas ang sangkatauhan ay wagas. Binibigyan Niya ang mga tao ng mga pagkakataon na magsisi at mga pagkakataon na magbago, at sa prosesong ito, nauunawaan Niya ang mga tao at alam Niya nang lubusan ang kanilang mga kahinaan at lawak ng kanilang kasamaan. Alam Niyang matitisod at matutumba sila. Tulad ito nang ang mga bata ay natututong maglakad: Gaano man kalakas ang iyong katawan, may mga panahong madadapa ka, at mga panahong matatalisod ka. Nauunawaan ng Diyos ang bawa't tao tulad ng pag-unawa ng isang ina sa kanyang anak. Nauunawaan Niya ang mga paghihirap ng bawa't tao, mga kahinaan, maging ang mga pangangailangan nila. At lalong higit pa, nauunawaan Niya kung aling mga paghihirap ang haharapin ng bawa't tao sa proseso ng pagpasok tungo sa pagbabago ng disposisyon, at kung anu-anong uri ng mga kahinaan at kabiguan ang mangyayari. Ito ay isang bagay na nauunawaan ng Diyos nang lubos. Kaya sinasabi na sinusuri ng Diyos ang kaibuturan ng puso ng mga tao. Gaano ka man kahina, hangga't hindi mo tinatalikuran ang pangalan ng Diyos, hangga't hindi mo iniiwan ang Diyos, o ang daang ito, lagi kang

magkakaroon ng pagkakataon na makamit ang pagbabago ng disposisyon. At kung may pagkakataon tayo na makamit ang pagbabago ng disposisyon kung gayon may pag-asa para sa ating patuloy na pamumuhay. Kung may pag-asa tayo para sa patuloy na pamumuhay, may pag-asa tayo na mailigtas ng Diyos.

Hinango mula sa “Ano ang Pagbabago ng Disposisyon at ang Landas tungo sa Pagbabago ng Disposisyon” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

52. Ang mga Prinsipyo ng Wastong Pagtrato sa Sarili

(1) Kinakailangang magsagawa ng malimit na pagninilay-nilay sa sarili at makilala ang sarili batay sa mga salita ng Diyos, at maunawaan ang katotohanan ng sariling katiwalian at mga kakulangan ng isang tao. Saka lamang makakatamo ang isang tao ng pagkakilala sa sarili.

(2) Sa pag-unawa lamang ng katotohanan maaaring malinaw na makita at malaman ng isang tao na wala siyang taglay na anuman at na isa lamang siyang kahabag-habag na kaluluwa, at saka lamang matatanggal ng isang tao sa kanyang sarili ang pagmamataas at pagmamagaling;

(3) Kapag nahaharap sa mga dagok at kabiguan, hindi dapat pabayaan ng isang tao na mawalan siya ng pag-asa. Sa pamamagitan lamang ng pagkilala sa sarili sa tulong ng pagninilay-nilay sa sarili at pagsisikap na maunawaan ang katotohanan na maaaring matrato ng isang tao ang kanyang sarili sa wastong paraan;

(4) Sa pamamagitan lamang ng paghatol, pagkastigo, pagtatabas, at pakikitungo ng mga salita ng Diyos, na nagpapadalisay sa tiwaling disposiyon ng isang tao, na maisasagawa ng isang tao ang katotohanan at maisasabuhay ang wangis ng tao.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang mga tao ay palaging di-nakakayanang tamang tingnan ang kanilang sariling mga kalakasan at mga kahinaan, na di-namamalayang nakakaimpluwensiya sa kanilang kaalaman sa Diyos. May ilang mga tao na isinusuko pati na ang kanilang mga sarili at nawawalan ng pag-asa, na

hindi naghahanap na baguhin ang kanilang disposisyon, at hindi handang dumanas ng mga hirap upang isagawa ang katotohanan; ang mga taong ito ay nag-iisip na kailanman ay hindi sila nagbago. Sa totoo lang, ang mga taong ito ay nagbago, datapwat sila mismo ay hindi nakakayang matanto ito: Sa halip tinitingnan lamang nila ang kanilang mga problema, at hindi handang makipagtulungan sa Diyos. Hindi lamang ito mga pagkaantala sa kanilang normal na pagpasok, ngunit makakadagdag pa sa kanilang di-pagkakaunawa tungkol sa Diyos, at mas higit pa ay magkakaroon ng epekto sa kanilang hantungan. Samakatwid, ang usaping ito ay isa na dapat ninyong maingat na pag-aralan upang matamo ang mas malalim na pagpasok, at maabot ang pagbabagong mga epekto na dapat ninyong nakakamtam.

Ang ilang mga tao ay nasa gitna ng pagka-negatibo, subalit napapanatili pa rin nila ang pag-uugali ng “matapat sa Diyos hanggang wakas, anuman ang kinalabasan” sa kanilang tungkulin. Sinasabi ko na ito ay pagbabago, datapwat kayo mismo ay hindi nakatatalos nito. Sa totoo lang, kung maingat ninyong susuriin ang inyong sarili, makikita mo na ang isang bahagi ng iyong tiwaling disposisyon ay nagbago na; gayunpaman, kapag patuloy mong ginagamit ang pinakamataas na mga pamantayan upang sukatin ang iyong sarili, hindi lamang na hindi mo makakayanang marating ang ganoong mataas na pamantayan, subalit pati na rin ang mga pagbabago na nagawa mo sa iyong sarili ay mapapawalang-saysay–ito ay isang pagkakamali ng tao. Kung talagang isa kang tao na nakapagsasabi kung ano ang tama sa mali, sa gayon hindi makasasama kung gagawin mo ang iyong sarili na may kamalayan sa mga pagbabago sa loob ng iyong sarili; hindi lamang na makikita mo ang iyong sariling mga pagbabago, ngunit higit sa lahat maaari mong matagpuan ang landas sa harap mo na dapat mong isagawa; sa panahong iyon makikita mo na habang ikaw ay masipag, mayroon ka pa ring pag-asa; hindi ka hindi na matutubos. Ngayon na mismo sinasabi ko sa iyo: Yaong maaaring makatingin ng tama sa kanilang mga problema ay may pag-asa; makakalabas sila mula sa pagka-negatibo.

Ang dahilan kung bakit isinusuko mo ang katotohanan ay sapagkat iniisip mo na ikaw ay hindi na kayang iligtas, kaya isinusuko mo kahit na ang pinakapangunahing mga katotohanan. Marahil hindi na hindi mo maaaring isagawa ang katotohanan, ngunit sa halip ay isinusuko mo ang mga pagkakataon na isagawa ang katotohanan; kung isusuko mo ang katotohanan, maaari ka pa bang magbago? Kung isusuko mo ang katotohanan sa gayon nasaan ang kahulugan ng iyong paniniwala sa Diyos? Hindi ba't nasabi na, "Ito ay tama kahit na kailan hanapin ang pagbabago sa disposisyon"? Nakalimutan mo na ba ito? Naaalala ninyo na napakakaunti lamang ang maliligtas, at nararamdaman na kayo ay walang pag-asa. Kung wala kayong isang positibong pagtugis, hindi ba lilitaw ang negatibong mga bagay? Paano sa gayon kayo maaaring hindi maging negatibo? Kaya sinasabi ko pa rin sa iyo: Dapat mong tingnan nang tama ang iyong sarili, at huwag isuko ang katotohanan.

mula sa "Tingnan nang Tama ang Iyong Sarili at Huwag Isuko ang Katotohanan" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Nagpapakita ang mga tao ng mga tiwaling disposisyon. Isa itong katotohanan. Walang sinuman ang makaiiwas o makatatakas dito; kailangan nilang harapin ang katotohanang ito. Bakit ganito? Sinasabi ng iba: "Palagi kong naipapakita ang aking tiwaling disposisyon. Hindi ko ito mababago kailanman. Ano pa ang magagawa? Sadya lamang bang ganito ako? Ayaw ba sa akin ng Diyos, o namumuhi ba Siya sa akin?" Tama ba ang ganitong saloobin? Tama ba ang ganitong pag-iisip? Na ang mga tao ay may tiwaling disposisyon, at na madalas nilang naipapakita ang kanilang tiwaling disposisyon, hindi ibig sabihin na katapusan na nila, wala nang lunas. Na ang mga tao ay malimit na nagpapakita ng tiwaling disposisyon ay nagpapatunay na ang kanilang buhay ay pinamamahalaan ng tiwaling disposisyon ni Satanas, at na ang kanilang diwa ay ang diwa ni Satanas. Dapat na kilalanin at tanggapin ng mga tao ang katotohanang ito. Mayroong pagkakaiba sa pagitan ng kalikasang diwa ng tao at ng diwa ng Diyos. Ano ang dapat nilang gawin matapos kilalanin ang katotohanang

ito? Kapag naipamamalas ng mga tao ang isang tiwaling disposisyon; kapag nagpapakasasa sila sa mga pagnanasa ng laman at napapalayo sa Diyos; o kapag gumagawa ang Diyos sa paraang hindi tugma sa sarili nilang mga ideya, at umuusbong ang mga reklamo sa kalooban nila, dapat nilang ipamalay kaagad sa kanilang mga sarili na isa itong problema, at isang tiwaling disposisyon; ito ay paghihimagsik laban sa Diyos, pagsalungat sa Diyos; hindi ito umaayon sa katotohanan, at kasumpa-sumpa sa Diyos. Kapag napagtatanto ng mga tao ang mga bagay na ito, hindi sila dapat magreklamo, o maging negatibo at batugan, at lalong hindi sila dapat mabalisa; sa halip, dapat ay makaya nila ang mas malalim na pagninilay sa sarili at kaalaman sa sarili. Bilang karagdagan, dapat ay maging maagap silang makaharap sa Diyos, at kailangan hindi pasibo. Dapat ay magkusa silang humarap sa Diyos upang hangarin at tanggapin ang pagsaway at pagdidisiplina ng Diyos, at dapat baligtarin kaagad ang kanilang kalagayan, sa gayon ay nakapagsasagawa sila ayon sa katotohanan at sa mga salita ng Diyos, at makakikilos ayon sa mga prinsipyo. Sa ganitong paraan, magiging mas normal ang ugnayan mo sa Diyos, at gayundin ang kalagayan sa kalooban mo. Mas malinaw mong matutukoy ang mga tiwaling disposisyon, ang diwa ng katiwalian, at ang iba’t ibang pangit na kalagayan ni Satanas. Hindi mo na bibigkasin ang gayong mga kahangalan at isip-batang salita tulad ng “si Satanas iyon na nanghihimasok sa akin,” o “isa iyong ideya na ibinigay sa akin ni Satanas.” Sa halip, magkakaroon ka ng tumpak na kaalaman sa mga tiwaling disposisyon, sa diwa ng pagsalungat ng mga tao sa Diyos, at sa diwa ni Satanas. Magkakaroon ka ng mas tumpak na paraan ng pagtrato sa mga bagay na ito, at hindi ka pipigilan ng mga bagay na ito. Kapag naipakita mo ang kaunti sa iyong tiwaling disposisyon, o lumabag, o nagawa ang iyong tungkulin nang walang sigasig, o kung malimit mong matagpuan ang iyong sarili sa isang pasibo at negatibong kalagayan, hindi ka magiging mahina o mawawalan ng pananampalataya sa Diyos at sa Kaniyang pagliligtas. Hindi ka mamumuhay sa gitna ng gayong mga sitwasyon, subalit haharapin mo nang tama ang iyong sariling tiwaling disposisyon.

Magkakaroon ka ng kakayahan para sa normal na espirituwal na buhay, at, kapag nabunyag ang iyong tiwaling disposisyon, magagawa mo agad na saliwain ang patutunguhan nito, mabuhay kaagad sa harap ng Diyos, at hangarin ang Kaniyang pagdidisiplina at pagsaway. Hindi ka pamamahalaan ng iyong tiwaling disposisyon, ni ng diwa ni Satanas, ng iyong iba't ibang negatibo at pasibong kalagayan, ngunit lalago ang pananampalataya sa paghahangad sa katotohanan, sa kaligtasan, at sa pagtanggap sa paghatol, pagkastigo, pagdidisiplina, at pagsaway ng Diyos. Sa ganitong paraan, hindi ba malayang mamumuhay ang mga tao? Ito ang landas ng pagsasagawa at pagkamit ng katotohanan, at kaya naman, ito rin ang landas ng kaligtasan. Nag-ugat na sa kailaliman ng kalooban ng mga tao ang mga tiwaling disposisyon; pinamamahalaan ng diwa at kalikasan ni Satanas ang kanilang mga saloobin, pag-uugali, at pag-iisip; gayunman, sa presensiya ng katotohanan, ng gawain ng Diyos, at Kanyang pagliligtas, walang pagkabahala rito, at hindi ito nagbibigay ng mga paghihirap. Sa kabila ng mga tiwaling disposisyon ng mga tao, o ng mga problema na mayroon sila, o mga pumipigil sa kanila, mayroong landas na maaari nilang tahakin. May paraan ng paglutas ng mga bagay na ito, at mayroong mga kaukulang katotohanan na ipanlulutas sa mga ito. Wala bang pag-asa kung gayon para sa kanilang kaligtasan?

Hinango mula sa "Paano Lulutasin ang Suliranin ng Pagiging Pabaya at Kawalang ng Sigla Habang Gumaganap sa Iyong Tungkulin" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Mabuti ba o masama kapag natutuklasan ng mga tao kung gaano kalala ang kanilang mga problema? Ito ay mabuti. Kung mas bumubuti ang iyong kakayahan sa pagtuklas ng iyong sariling katiwalian, mas nagiging tumpak ang pagtuklas na ito, at mas higit mong mababatid ang iyong sariling diwa, at mas malamang na ikaw ay maliligtas at higit kang mapapalapit sa kaligtasan. Kung mas lumiliit ang iyong kakayahang matuklasan ang iyong mga suliranin, mas lalo mong iisipin na ikaw ay isang mabuting tao, isang tao na lubhang dakila, at dahil dito, lalo kang napapalayo mula sa landas na patungo sa kaligtasan, at ikaw ay nasa

malaking panganib pa rin. Sadyang may hamak na katayuan ang sinumang gumugugol ng buong araw sa pagpaparada ng kanilang sarili—nagpapasikat ng kanilang mga nagawa, nagsasabing sila ay mahusay sa pagsasalita, makatuwiran, nakaka-unawa sa katotohanan, at may kakayahang gumawa ng mga pagpapakasakit kapag isinasagawa nila ang katotohanan. Anong uri ng tao ang may mas malaking pag-asa ng kaligtasan, at may kakayahang tahakin ang landas ng kaligtasan? Silang mga tunay na nakakaunawa sa kanilang tiwaling disposisyon. Kung higit na malalim ang kanilang kaalaman, higit silang napapalapit sa kaligtasan. Ang pagkilala sa iyong tiwaling disposisyon, pagkilala na ikaw ay walang saysay, walang silbi, na ikaw ay isang buhay na Satanas—kapag tunay mong nalalaman ang iyong pinakadiwa, hindi na ito isang mabigat na suliranin. Ito ay isang mabuting bagay, hindi isang masamang bagay. Mayroon bang nagiging mas negatibo habang lalo nilang nakikilala ang kanilang sarili, nag-iisip na: "Tapos na ang lahat, ang paghatol at pagkastigo ng Diyos ay naipataw na sa akin, ito ay kaparusahan at kabayaran, hindi ako gusto ng Diyos at wala akong pag-asa ng kaligtasan"? Ang mga taong ito ba ay magkakaroon ng ganitong mga ilusyon? Sa katunayan, kung mas nakikita ng tao ang kanilang kawalan ng pag-asa, mas malaki ang pag-asa para sa kanila. Hindi sila dapat maging negatibo at hindi dapat sumuko. Ang pagkilala sa iyong sarili ay isang mabuting bagay—ito ang landas na dapat nilang tahakin patungo sa kaligtasan. Kung ikaw ay lubos na walang malay sa iyong sariling tiwaling disposisyon at sa iyong pinakadiwa, na marami at magkakaiba ang ginagawang pagsalungat sa Diyos, at kung wala ka pang anumang plano na magbago, ikaw ay nasa isang kaguluhan. Ang ganitong mga tao ay naging manhid na, sila ay patay na. Ang mga patay ba ay maaari pang mabuhay muli? Sila ay patay na—hindi na ito maaari.

Hinango mula sa "Kapag Kilala Mo ang Iyong Sarili, Saka Mo Lamang Hahangaring Matamo ang Katotohanan" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Bakit maraming taong sumusunod sa kagustuhan ng kanilang laman?

Dahil itinuturing nila ang kanilang sarili na mahusay, na nadarama na tama at makatwiran ang kanilang ikinikilos, na wala silang kamalian, at na talaga ngang tama sila, samakatuwid ay maaari silang kumilos na ipinapalagay na nasa panig nila ang katarungan. Kapag kinikilala ng isa kung ano ang tunay niyang kalikasan—gaano kapangit, gaano kasuklam-suklam, at gaano kaawa-awa—hindi na niya ipinagmamalaki nang labis ang kaniyang sarili, hindi na masyadong mapagmataas, at hindi na gaanong nasisiyahan sa kaniyang sarili tulad ng dati. Nararamdaman ng gayong tao, “Kailangan kong maging masigasig at makatotohanan, at isagawa ang ilan sa mga salita ng Diyos. Kung hindi, ako ay hindi aabot sa pamantayan ng pagiging tao, at mahihiyang mamuhay sa harapan ng Diyos.” Nakikita niyang tunay ang sarili bilang napakahamak, bilang totoong walang halaga. Sa pagkakataong ito ay nagiging madali para sa isa na isakatuparan ang katotohanan, at ang isa ay mas magmumukhang katulad ng kung ano dapat ang isang tao. Kapag tunay na kinasuklaman ng mga tao ang kanilang sarili, saka lang nila nagagawang talikuran ang laman. Kung hindi nila kinasusuklaman ang kanilang sarili, hindi nila magagawang talikuran ang laman. Ang tunay na pagkamuhi sa sarili ay binubuo ng ilang bagay: Una, pagkaalam sa sariling likas na pagkatao; at pangalawa, pagkakita sa sarili na nangangailangan at kaawa-awa, pagkakita sa sarili na napakahamak at walang kabuluhan, at pagkakita sa sariling kaawa-awa at maruming kaluluwa. Kapag lubos na nakikita ng isang tao kung ano siya talaga, at ito ang kinahinatnan, talagang nagtatamo siya ng kaalaman tungkol sa sarili, at masasabi na lubos na niyang nakilala ang kanyang sarili. Saka lamang niya talaga maaaring kamuhian ang kanyang sarili, hanggang sa isumpa niya ang kanyang sarili, at talagang madama niya na labis siyang nagawang tiwali ni Satanas kaya ni hindi siya mukhang tao. Sa gayon, balang araw, kapag lumitaw ang panganib ng kamatayan, iisipin ng taong iyon, “Ito ang matuwid na parusa ng Diyos. Tunay ngang matuwid ang Diyos; dapat talaga akong mamatay!” Sa puntong ito, hindi siya magrereklamo, lalo nang hindi niya sisisihin ang Diyos, nadarama lamang na siya ay talagang nangangailangan at kaawa-awa, napakarumi at

napakatiwali kaya dapat siyang puksain ng Diyos, at ang isang kaluluwang katulad ng sa kanya ay hindi nababagay na mabuhay sa lupa. Sa puntong ito, hindi lalabanan ng taong ito ang Diyos, lalo nang hindi siya magtataksil sa Diyos.

Hinango mula sa “Ang Kilalanin ang Sarili ay Pangunahing Tungkol sa Pagkilala sa Pantaong Kalikasan” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Hindi nakasalig ang paraan ng pagturing ng Diyos sa mga tao sa kanilang edad, sa uri ng kapaligiran kung saan sila isinilang, o kung gaano sila katalentado. Bagkus, tinatrato Niya ang mga tao batay sa saloobin nila sa katotohanan, at ang saloobing ito ay may kaugnayan sa kanilang mga disposisyon. Kung tama ang saloobin mo sa pagharap sa katotohanan, natatanggap mo ang katotohanan, at nagpapakumbaba ka, kahit mahina ang iyong kakayahan, liliwanagan ka pa rin ng Diyos at tutulutan ka na may matamo. Kung malakas ang iyong kakayahan ngunit lagi kang nagyayabang, palaging iniisip na ikaw ang tama at hindi tinatanggap kailanman ang anumang sabihin ng iba at laging sumasalungat, kung gayon hindi kikilos sa iyo ang Diyos. Sasabihin sa iyo ng Diyos na masama ang iyong disposisyon at hindi ka karapat-dapat tumanggap ng kahit ano, at babawiin pa ng Diyos ang dating mayroon ka. Ito ang ibig sabihin ng inilalantad. Malinaw na wala kang kuwenta, at walang kasanayan sa lahat ng bagay, ngunit iniisip mo pa rin na mahusay ka, na magagawa mo ang anumang bagay, at mas mahusay kaysa sa iba sa lahat ng aspeto. Hindi mo kailanman tinatalakay ang iyong mga kapintasan o kakulangan sa harapan ng iba, ni hindi mo hinahayaang makita nila ang iyong mga kahinaan at pagiging negatibo. Lagi kang nagkukunwaring may kakayahan at binibigyan ang iba ng maling impresyon, inilalagay sa isip nila na may kasanayan ka sa lahat ng bagay, walang mga kahinaan, hindi nangangailangan ng anumang tulong, hindi kailangang makinig sa opinyon ng iba, at hindi kailangang matuto mula sa mga kalakasan ng iba upang mapunan ang sarili mong kakulangan, at sinusubukang ilagay sa kanilang isipan na palagi kang magiging mahusay kaysa sa iba. Anong uri ng

disposisyon ito? (Kayabangan.) Namumuhay ang ganoong tao ng kaawa-awang buhay. Mayaman nga ba talaga siya? Hindi siya mayaman; hindi siya natututo ni tumatanggap ng mga bagong bagay. Sa panloob, lubha siyang matamlay, limitado, at mahirap. Hindi nauunawaan ng ganoong tao ang mga prinsipyo sa likod ng anumang bagay, hindi maintindihan ang mga prinsipyo, walang anumang pagkaunawa sa kalooban ng Diyos, at ang nalalaman lamang ay sumunod sa mga alituntunin at gumugol ng maraming pagsisikap sa literal na kahulugan ng Kanyang mga salita. Bunga nito, nagkakamit siya ng mga limitadong resulta. Ito ang uri ng taong may masamang disposisyon.

Kapag nakikipag-ugnayan kayo sa iba upang matupad ang inyong tungkulin, nagagawa ba ninyong maging bukas sa nagkakaiba-ibang opinyon? Matatanggap ba ninyo kung ano ang sinasabi ng iba? (Nakasanayan ko nang laging panghawakan ang sarili kong mga ideya, subalit pagkatapos kong malantad sa mga sitwasyong isinaayos ng Diyos, nakita ko na kapag nagkasama-sama ang lahat at nagtalakayan tungkol sa mga bagay, madalas naming naiisip kung ano ang tama, at sa maraming pagkakataon ang pansarili kong pananaw ang mali o nagkulang. Napagtanto ko kung gaano kahalaga na gumawa nang matiwasay kasama ng iba.) At ano ang natutuhan ninyo mula rito? Palagay mo ba may taong perpekto? Gaano man kalakas ang mga tao, o gaano man sila kahusay at katalino, hindi pa rin sila perpekto. Kailangan itong tanggapin ng mga tao; ito ay totoo. Ito rin ang pinakaangkop na saloobin ng sinuman na tama ang pagtingin sa kanilang mga kalakasan at kalamangan o mga kamalian; ito ang pangangatwirang dapat taglayin ng mga tao. Sa gayong pangangatwiran, maaari mong harapin nang wasto ang iyong sariling mga kalakasan at kahinaan pati na ang sa iba, at ito ang magbibigay sa iyo ng kakayahang makipagtulungan nang maayos sa kanila.

Hinango mula sa “Sa Pagsasagawa Lamang ng Katotohanan Maaaring Magtaglay ang Tao ng Normal na Pagkatao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

May mga nagsasabing, “Medyo mabuting tao ako; Wala akong

nagawa upang labanan ang Diyos, at marami akong tiniis para sa Kanya. Bakit tinatabasan pa rin Niya ako at pinakikitunguhan? Bakit hindi ako kinikilala o itinataas ng Diyos? “ Sinabi pa ng iba, “Ako ay isang simpleng tao; Naniniwala ako sa Diyos mula pa noong nasa sinapupunan ako, at naniniwala pa rin ako sa Kanya ngayon. Napakadalisay ko! Iniwan ko ang aking pamilya at umalis sa aking trabaho upang gugulin ang aking sarili para sa Diyos, at iniisip ko pa rin kung gaano ako kamahal ng Diyos. Ngayon, tila hindi gaanong mahal ng Diyos ang mga tao, at ang pakiramdam ko ay napabayaan ako sa malamig na lugar, nabigo at nasiraan ng loob sa Kanya. “ Ano ang maling ginagawa ng mga taong ito? Hindi sila nanatili sa kanilang tamang lugar; hindi nila alam kung sino sila, at pakiramdam nila palagi na mga kapita-pitagang tao sila na dapat igalang at itaas ng Diyos, o pagyamanin at mahalin. Kung palaging may ganitong mga maling kuru-kuro ang mga tao, ang mga ganitong walang katotohanan at hindi makatuwirang hinihingi, hahantong ito sa kaguluhan kung gayon. Ano, kung gayon, ang dapat gawin ng mga tao, at paano nila kikilalanin at tatratuhin ang kanilang mga sarili, upang makasunod sa paraan ng pakikitungo ng Diyos sa tao, upang malutas ang mga paghihirap na ito at bitawan ang ginagawa nilang paghingi sa Diyos? … Dapat mong malaman kung sino ka. Anumang uri ng mga regalo o lakas ang mayroon ka, o kung gaano karaming kasanayan o kakayahan ang mayroon ka, o kahit gaano karami ang iyong grasya mula sa bahay ng Diyos, o kung magkano ang nasingil mo, o kung gaano karaming kapital ang iyong naipon, ang mga bagay na ito ay parang bale-wala sa Diyos, at kung tila mahalaga ang mga ito mula sa kung nasaan ka, wala na naman bang lumitaw na hindi pagkakaunawaan at mga pagkakasalungat sa pagitan mo at ng Diyos? Paano dapat malutas ang problemang ito? Dapat mong paliitin ang agwat sa pagitan mo at ng Diyos, lutasin ang mga pagkakasalungat na ito, at tanggihan ang mga bagay kungsaan sa tingin mo ay tama at kinakapitan mo. Sa paggawa nito, mawawala na ang agwat sa pagitan mo at ng Diyos, at tatayo ka nang maayos sa iyong lugar, at magagawa mong magpasakop, kikilalaning ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay tama,

matatanggihan ang iyong sarili at pakakawalan ang iyong sarili. Hindi mo na ituturing na meritong nakuha mo bilang uri ng kapital, o hindi mo rin susubukan na magtakda ng mga kondisyon sa Diyos, o humling sa Kanya, o humingi sa Kanya ng gantimpala. Sa mga panahong ito, mawawala na ang iyong mga paghihirap. Bakit lumilitaw ang mga maling paniniwala ng lahat ng tao sa Diyos? Lumilitaw sila sapagkat hindi kilala ng mga tao ang kanilang sarili kahit kaunti; samakatuwid, hindi nila alam kung anong uri sila ng mga bagay sa paningin ng Diyos. Masyado nilang binibigyang halaga ang kanilang sarili at nilalagay sa napakataas na posiston ang kanilang sarili sa mata ng Diyos, at tinitingnan nila ang itinuturing nilang halaga at kapital ng isang tao bilang mga pamantayang sinusukat ng Diyos kung sila ay maliligtas. Mali ito. Alam mo dapat kung anong uri ng lugar ang mayroon ka sa puso ng Diyos, at kung ano angkop na pagtrato sa iyo ng Diyos. Ang malaman ito ay ang sumunod sa katotohanan at umayon sa mga pananaw ng Diyos. Kapag ang iyong pagsasagawa at pagturing sa iyong sarili ay naaayon sa kaalamang ito, hindi na magkakaroon ng anumang pagsasalungat sa pagitan mo at ng Diyos. At kapag muli kang ituring ng Diyos sa pamamaraan Niya, hindi ka ba magpapsakop? Maaari kang makaramdam ng ilang kakulangan sa iyong puso, o hindi maunawaan ang mga bagay na ito at maramdamang parang hindi ito ayon sa nais mo, ngunit, dahil mabibigyan ka ng mga katotohanang ito at mauunawaan ang mga katotohanang ito, at dahil makakatayo ka nang matatag sa iyong kinalalagyan, hindi ka na makikipaglaban sa Diyos, na nangangahulugang hihinto na yaong mga pag-uugali at kasanayan na maaaring maging sanhi ng iyong kapahamakan. At hindi ka ba magiging ligtas pagkatapos? Sa sandaling ikaw ay ligtas, mararamdaman mo ang pagiging makatwiran, na siyang kahulugan ng pagtahak sa landas ni Peter.

Hinango mula sa “Ang Dapat na Saloobin ng Tao Patungkol sa Diyos” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

53. Ang mga Prinsipyo ng Pagtutuwid sa Kayabangan at Kapalaluan

(1) Kinakailangang tanggapin ang paghatol at pagkastigo ng Diyos, at magawang makita ang kakila-kilabot na katotohanan ng sariling katiwalian ng isang tao. Sa ganitong paraan, natututuhan ng isang tao kung anong uri ng bagay ang mga ito;

(2) Kinakailangang tanggaping matabasan at mawasto, pati na ang masubok at malantad, at magawang makita kung gaano karupok ang isang tao. Sa ganitong paraan, natututuhan ng isang tao ang kanyang tunay na katatagan;

(3) Kapag nakaranas na ang isang tao ng maraming kabiguan at dagok, at nakita niyang ang pinag-ugatang dahilan ng mga ito ay ang pagmamataas, likas siyang umaasal nang mas wasto, at mas nagiging tahimik siya;

(4) Kinakailangang sumailalim sa paghatol at pagkastigo ng Diyos, makilala ang Kanyang matuwid na disposisyon, at magkaroon ng paggalang sa Kanya. Sa ganitong paraan, magiging maayos ang asal ng isang tao.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Pagmamataas ang ugat ng tiwaling disposisyon ng tao. Kapag mas mayabang ang mga tao, mas malamang na lumaban sila sa Diyos. Gaano kaseryoso ang problemang ito? Hindi lang isinasaalang-alang ng mga taong mayabang ang mga disposisyon ang lahat ng iba pa na mas mababa kaysa kanila, kundi, ang pinakamasama, hinahamak pa nila ang Diyos. Bagama't, sa tingin, maaaring mukhang naniniwala sa Diyos ang ilang tao at sinusunod Siya, ni hindi nila Siya itinuturing na Diyos. Pakiramdam nila palagi ay taglay nila ang katotohanan at napakataas ng tingin nila sa kanilang sarili. Ito ang diwa at ugat ng mayabang na disposisyon, at nagmumula ito kay Satanas. Kaya, kailangang malutas ang problema ng kayabangan. Ang pakiramdam na mas magaling ka kaysa iba—walang kuwenta iyan. Ang kritikal na isyu ay na nakakapigil sa isang tao ang kanyang mayabang na disposisyon na magpasakop sa Diyos, sa Kanyang kapamahalaan, at sa Kanyang mga pagsasaayos; laging nadarama ng ganitong tao na makipagpaligsahan sa Diyos na magkaroon ng

kapangyarihan sa iba. Ang ganitong klaseng tao ay walang pagpipitagan sa Diyos ni katiting, ni hindi niya mahal ang Diyos o nagpapasakop sa Kanya. Ang mga taong mayayabang at palalo, lalo na iyong mga nawalan na ng katinuan sa sobrang yabang, ay hindi kayang magpasakop sa Diyos sa kanilang paniniwala sa Kanya, at pinaparangalan pa nila at nagpapatotoo sa kanilang sarili. Ang gayong mga tao ang pinakalumalaban sa Diyos. Kung nais ng mga taong umabot sa kung saan nagpipitagan sila sa Diyos, kailangan muna nilang lutasin ang mayayabang nilang disposisyon. Habang mas ganap mong nilulutas ang mayabang mong disposisyon, mas magpipitagan ka sa Diyos, at saka ka lang makakapagpasakop sa Kanya at magagawang makamit ang katotohanan at kilalanin Siya.

Hinango mula sa Pagbabahagi ng Diyos

Dahil ginawang tiwali ni Satanas ang sangkatauhan, nagsimulang magbago ang kanilang kalikasan at unti-unting nawala ang kanilang pangangatwiran na taglay ng mga pangkaraniwang tao. Hindi na sila kumikilos bilang mga tao sa kalagayan ng tao; bagkus, nais nilang lagpasan ang katayuan ng tao, at ninanasa nila ang bagay na mas mataas at higit na dakila. At ano itong bagay na mas mataas? Nais nilang lagpasan ang Diyos, lagpasan ang mga kalangitan, at lagpasan ang lahat ng iba pa. Ano ang ugat kung bakit naging ganito ang mga tao? Pagkatapos ng lahat, labis na mapagmataas ang likas ng tao. … Kapag naging mayabang ang kalikasan at diwa ng mga tao, nagkakaroon sila ng kakayahang gawin ang mga bagay na sumusuway at lumalaban sa Diyos, mga bagay na hindi umaayon sa Kanyang mga salita, mga bagay na bumubuo ng mga pagkaintindi tungkol sa Kanya, mga bagay na naghihimagsik laban sa Kanya, at mga bagay na dumadakila at nagpapatotoo sa kanilang sarili. Sinasabi mo na hindi ka mayabang, ngunit ipagpalagay nang binigyan ka ng ilang iglesia at tinulutan kang pamunuan ang mga ito; ipagpalagay nang hindi Kita pinakitunguhan, at na wala ni isa sa pamilya ng Diyos ang tumabas sa iyo: Matapos mo silang pamunuan sandali, aakayin mo sila sa

iyong mga paa at pasusunurin sila sa iyo. At bakit mo gagawin iyan? Ito ay natutukoy sa iyong kalikasan; ito ay walang iba kundi isang likas na paghahayag. Hindi mo kailangang magpakahirap para malaman ito, ni hindi mo kailangang magpaturo sa iba. Hindi mo kailangang gawin ang lahat ng ito nang sadya. Likas na nangyayari sa iyo ang ganitong klaseng sitwasyon: Hinihikayat mo ang mga tao na magpasakop sa iyo, sambahin ka, dakilain ka, magpatotoo tungkol sa iyo, at makinig sa iyo sa lahat ng bagay, at hindi mo sila tinutulutang gumawa ng anuman nang walang pahintulot mo. Sa ilalim ng iyong pamumuno, likas na nangyayari ang gayong mga sitwasyon. At paano nangyayari ang ganitong mga sitwasyon? Natutukoy ang mga ito sa aroganteng kalikasan ng tao. Ang pagpapakita ng pagmamataas ay paghihimagsik at pagsalungat sa Diyos. Kapag ang mga tao'y mapagmataas, mapagpahalaga sa sarili, at mapagmalinis, malamang magtayo sila ng kani-kanyang mga nagsasariling kaharian at gawin ang anumang gusto nila. Inaakay din nila ang iba na magpakontrol sa kanila at magpasakop sa kanila. Kapag kayang gawin ng mga tao ang ganitong mga bagay, ang diwa ng kanilang pagmamataas ay yaong sa arkanghel. Kapag naaabot ng kanilang pagmamataas at pagpapahalaga sa sarili ang isang partikular na antas, samakatuwid naaalaman mula rito na sila ang arkanghel at isasantabi ang Diyos. Kung mayroon ka ng ganitong uri ng mapagmataas na disposisyon, kung gayon hindi magkakaroon ng lugar ang Diyos sa iyong puso.

Hinango mula sa "Likas na Kayabangan ng Tao ang Ugat ng Kanyang Pagkontra sa Diyos" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung talagang nasasaloob mo ang katotohanan, natural na magiging tama ang landas na iyong tinatahak. Kung wala ang katotohanan, madaling gumawa ng masama, at gagawin mo iyon kahit ayaw mo. Halimbawa, kung mayroon kang kayabangan at kahambugan, makikita mo na imposibleng hindi sumuway sa Diyos; mapipilitan kang sumuway sa Kanya. Hindi mo gagawin ito nang sadya; gagawin mo ito dahil nangingibabaw ang iyong likas na kayabangan at kahambugan. Dahil sa iyong kayabangan at

kahambugan, hahamakin mo ang Diyos at hindi mo Siya bibigyan ng halaga; magiging dahilan ang mga ito para dakilain mo ang iyong sarili, lagi kang magpasikat, at, sa huli, papalit ka sa lugar ng Diyos at magpapatotoo para sa iyong sarili. Sa huli, gagawin mong mga katotohanan ang iyong sariling mga ideya, ang iyong sariling pag-iisip, at ang iyong sariling mga pagkaintindi para sambahin ka. Tingnan mo kung gaano kalaking kasamaan ang ginagawa ng mga tao dahil nangingibabaw ang kanilang likas na kayabangan at kahambugan! Upang malutas ang kanilang masasamang gawa, kailangan muna nilang lutasin ang problema ng kanilang likas na pagkatao. Kung walang pagbabago sa disposisyon, hindi posibleng maghatid ng pangunahing resolusyon sa problemang ito. Kapag mayroon kang kaunting pagkaunawa tungkol sa Diyos, kapag nakikita mo ang sarili mong katiwalian at kinikilala ang pagiging kasuklam-suklam at kapangitan ng kayabangan at kapalaluan, mandidiri ka, masusuka, at mababalisa. Sadya mong magagawa ang ilang bagay upang palugurin ang Diyos at, sa paggawa nito, magiginhawahan ka. Sadya mong magagawang magpatotoo sa Diyos at, sa paggawa nito, maliligayahan ka. Sadya mong ipapakita ang iyong tunay na pag-uugali, na inilalantad ang sarili mong kapangitan, at sa paggawa nito, bubuti ang pakiramdam mo sa iyong kalooban at madarama mo sa sarili mo na mas mabuti ang kalagayan ng iyong pag-iisip. Samakatuwid, ang unang hakbang sa paghahanap ng pagbabago sa iyong disposisyon ay ang hangaring maunawaan ang mga salita ng Diyos at makapasok sa katotohanan. Sa pamamagitan lamang ng pag-unawa sa katotohanan magkakamit ka ng pagkahiwatig; sa pagkakaroon lamang ng pagkahiwatig mo lubusang mauunawaan ang mga bagay-bagay; sa pamamagitan lamang ng lubusang pag-unawa sa mga bagay-bagay matatalikuran mo ang laman at, sa paisa-isang hakbang, makakatahak ka sa tamang landas sa iyong paniniwala sa Diyos. Konektado ito sa kung gaano kadeterminado ang mga tao kapag nagtataguyod ng katotohanan.

Hinango mula sa “Sa Pamamagitan Lamang ng Paghahabol sa Katotohanan Nakakamit ng Isang Tao ang Pagbabago sa Disposisyon” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Masyadong iniidolo ng ilang tao si Pablo. Gusto nilang lumabas at magbigay ng mga talumpati at gumawa, gusto nilang dumadalo sa mga pagtitipon at mangaral, at gusto nila na pinakikinggan sila ng mga tao, sinasamba sila, at umiikot sa kanila. Gusto nilang magkaroon ng katayuan sa isipan ng iba, at natutuwa sila kapag pinahahalagahan ng iba ang larawang ipinakikita nila. Pag-aralan natin ang kanilang likas na pagkatao mula sa mga pag-uugaling ito: Ano ang kanilang likas na pagkatao? Kung ganito talaga silang kumilos, sapat na iyan upang ipakita na sila ay mayabang at hambog. Ni hindi man lang nila sinasamba ang Diyos; naghahangad sila ng mas mataas na katayuan at nangangarap na magkaroon ng awtoridad sa iba, na ariin sila, at magkaroon ng katayuan sa kanilang isipan. Ito ang klasikong larawan ni Satanas. Ang namumukod na mga aspeto ng kanilang likas na pagkatao ay kayabangan at kahambugan, ayaw nilang sambahin ang Diyos, at nais nilang sambahin sila ng iba. Ang gayong mga pag-uugali ay maaaring magbigay sa iyo ng napakalinaw na pagtingin sa kanilang likas na pagkatao.

Hinango mula sa “Paano Malalaman ang Kalikasan ng Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Laging gusto niyaong mga naglilingkod bilang mga lider na magkaroon ng mas higit na katalinuhan, na maging angat kaysa lahat, na makahanap ng mga bagong pamamaraan upang makita ng Diyos kung gaano talaga ang kanilang kakayahan. Subali’t, hindi sila nagtutuon ng pansin sa pag-unawa ng katotohanan at pagpasok tungo sa realidad ng salita ng Diyos. Lagi nilang gustong magpakitang-gilas; hindi ba’t ito mismo ang kapahayagan ng isang mapagmataas na kalikasan? Sinasabi pa ng iba: “Sa paggawa nito sigurado akong magiging napakasaya ng Diyos; magugustuhan Niya talaga ito. Sa pagkakataong ito, hahayaan kong makita ng Diyos, sosorpresahin ko Siya.” Bunga ng sorpresang ito, naiwala nila ang gawa ng Banal na Espiritu at natatanggal ng Diyos. Huwag mong basta-basta gagawin ang anumang pumapasok sa isip mo. Paano ito magiging ayos kung hindi mo isinasaalang-alang ang mga kahihinatnan ng

iyong mga pagkilos? Kapag sinuway mo ang disposisyon ng Diyos, sinuway mo ang Kanyang mga atas-administratibo, at pagkatapos ay tinanggal ka, wala ka nang masasabi. Anuman ang layon mo, sinasadya mo mang gawin iyon o hindi, kung hindi mo nauunawaan ang disposisyon ng Diyos o hindi mo nauunawaan ang Kanyang kalooban, madali mo Siyang masusuway at madali mong masusuway ang Kanyang mga atas-administratibo; isang bagay ito na dapat ingatan ng lahat. Kapag lubha mong sinuway ang mga atas-administratibo ng Diyos o sinuway ang Kanyang disposisyon, hindi isasaalang-alang ng Diyos kung sinadya mo mang gawin iyon o hindi; kailangan mong malinawan ang bagay na ito. Kung hindi mo maunawaan ang isyung ito, garantisadong magkakaroon ka ng problema. Sa paglilingkod sa Diyos, nais ng mga tao na gumawa ng malalaking hakbang, gumawa ng mga dakilang bagay, sumambit ng mga dakilang salita, magsagawa ng dakilang gawain, maglimbag ng makakapal na aklat, magdaos ng malalaking miting at maging mahuhusay na lider. Kung palaging matayog ang ambisyon mo, masusuway mo ang dakilang mga atas-administratibo ng Diyos; mabilis mamatay ang mga taong katulad nito. Kung hindi ka matuwid, maka-Diyos o maingat sa paglilingkod sa Diyos, sa malao't madali malalabag mo ang mga administratibong kautusan ng Diyos.

Hinango mula sa "Kung Wala ang Katotohanan Madaling Magkasala sa Diyos" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Huwag hayaan ang sinuman na isipin na ang kanyang sarili ay perpekto, o bantog at marangal, o namumukod sa iba pa; ang lahat ng ito ay dulot ng mapagmataas na disposisyon at kamangmangan ng tao. Laging iniisip na namumukod ang sarili–ito ay isang mapagmataas na disposisyon; hindi kailanman nagagawang tanggapin ang kanyang mga pagkukulang, at hindi kailanman nagagawang harapin ang kanyang mga pagkakamali at pagkabigo—dulot ito ng isang mapagmataas na disposisyon; hindi kailanman nagpapahintulot sa iba na maging mas mataas sa kanya, o maging mas mahusay sa kanya–dulot ito ng

mapagmataas na disposisyon; hindi kailanman nagpapahintulot sa iba na magtaglay ng mas mabubuting kaisipan, mungkahi, at pananaw kaysa sa kanya tungkol sa isang bagay, at kapag nagkaroon sila, nagiging negatibo, ayaw magsalita, nakararamdam ng pagkabagabag at pananamlay, at nagiging balisa—ang lahat ito ay dulot ng isang mapagmataas na disposisyon. Ang isang mapagmataas na disposisyon ay nagagawa kang maging mapagsanggalang tungkol sa iyong reputasyon, hindi magawang tanggapin ang patnubay ng iba, hindi magawang harapin ang sarili mong mga pagkukulang, at hindi magawang tanggapin ang iyong mga sariling kabiguan at pagkakamali. Higit pa riyan, kapag may sinumang mas mahusay sa iyo, maaari itong maging sanhi upang umusbong ang pagkamuhi at panibugho sa iyong puso, at makararamdam ka na napipigil ka, kung kaya't hindi mo nais na gawin ang iyong tungkulin at nagiging padaskol ka sa pagtupad nito. Ang isang mapagmataas na disposisyon ay maaaring magbunga ng pag-usbong ng ganitong mga asal at gawi sa iyo. Kung magagawa ninyo, unti-unti, na makamit ang mga tagumpay sa lahat ng mga detalyeng ito, at makamit ang pag-unawa sa mga ito, at mas malalim na suriin ang mga ito; at kung magagawa ninyo pagkaraan na unti-unting talikdan ang mga kaisipang ito, ang mga pagkaunawang ito, at kahit pa ang mga asal na ito, at hindi kayo napipigil ng mga ito; at kung, sa pagtupad ng inyong tungkulin, ay nagagawa ninyong matagpuan ang tamang katayuan para sa inyo, at kumilos nang naaayon sa mga prinsipyo, at tuparin ang tungkulin na kaya at dapat ninyong gawin; kung gayon, sa pagdaan ng panahon, magagawa ninyong tuparin ang inyong mga tungkulin nang mas mahusay. Ito ay pagpasok sa realidad ng katotohanan. Kung makapapasok ka sa realidad ng katotohanan, magmumukha ka sa iba na nagtataglay ng isang wangis ng tao, at sasabihin ng mga tao, "Ang taong ito ay umaasal ayon sa kanyang katayuan, at ginagawa niya ang kanyang tungkulin sa isang maayos na paraan. Hindi siya umaasa sa pagiging likas, sa pagiging mainitin ng dugo, o sa kanyang tiwali at maka-Satanas na disposisyon upang gawin ang kanyang tungkulin. Kumikilos siya nang may hinahon, may puso siyang gumagalang sa Diyos, may

pagmamahal siya sa katotohanan, at ang kanyang asal at mga pahayag ay nagpapakita na natalikdan na niya ang kanyang sariling laman at mga kagustuhan.” Lubhang kahanga-hanga ang umasal nang ganoon! Sa mga pagkakataon na binabanggit ng iba ang iyong mga pagkukulang, nagagawa mong hindi lamang tanggapin ang mga ito, kundi umasa sa mabuti, hinaharap ang mga pagkukulang at kapintasan mo nang may tatag. Lubhang normal ang lagay ng isip mo, malaya sa mga kasukdulan, malaya sa mainit na dugo. Hindi nga ba’t ganito ang magtaglay ng isang wangis ng tao? Tanging ang mga ganitong tao ang may katinuan.

Hinango mula sa “Ang mga Prinsipyong Dapat Gumabay sa Asal ng Isang Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Hindi mababago ng mga tao ang sarili nilang disposisyon; kailangan silang dumaan sa paghatol at pagkastigo, at sa pagdurusa at pagpipino, ng mga salita ng Diyos, o sa pakikitungo, pagdidisiplina, at pagtatabas ng Kanyang mga salita. Pagkatapos noon, saka lamang sila magiging masunurin at matapat sa Diyos, at hindi na magpapadalus-dalos sa pakikitungo sa Kanya. Sa ilalim ng pagpipino ng mga salita ng Diyos nagbabago ang disposisyon ng mga tao. Sa pamamagitan lamang ng paglalantad, paghatol, pagdidisiplina, at pakikitungo ng Kanyang mga salita sila hindi na mangangahas na kumilos nang walang pakundangan kundi sa halip ay magiging matatag at mahinahon sila. Ang pinakamahalagang punto ay na nagagawa nilang magpasakop sa kasalukuyang mga salita ng Diyos, at sa Kanyang gawain, kahit hindi ito nakaayon sa mga pagkaunawa ng tao, nagagawa nilang isantabi ang mga pagkaunawang ito at maluwag sa loob na magpasakop.

Hinango mula sa “Ang mga Taong Nagbago Na ang Disposisyon ay Yaong mga Nakapasok Na sa Realidad ng mga Salita ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kaya kapag nagdurusa kayo ng kaunting paghihigpit o paghihirap, makakabuti iyon sa inyo; kung pinadali iyon para sa inyo, mapapahamak kayo, at kung gayon ay paano kayo mapoprotektahan? Ngayon, kinastigo, hinatulan, at isinumpa kayo kaya binigyan kayo ng proteksyon. Nagdusa na

kayo nang husto kaya pinoprotektahan kayo. Kung hindi, matagal na sana kayong nahulog sa kabulukan. Hindi sinasadyang gawing mahirap ang mga bagay para sa inyo—ang likas na pagkatao ng tao ay mahirap baguhin, at kailangan itong magkaganito para magbago ang kanilang mga disposisyon. Ngayon, ni wala kayong konsiyensya o katinuang tinaglay ni Pablo, ni hindi pa ninyo taglay ang kanyang kamalayan sa sarili. Lagi kayong kailangang pilitin, at kailangan kayong palaging makastigo at mahatulan para pukawin ang inyong espiritu. Pagkastigo at paghatol ang pinakamabuti para sa inyong buhay. At kapag kinakailangan, kailangan ay mayroon ding pagkastigo ng mga katotohanang dumarating sa inyo; saka lamang kayo lubos na magpapasakop. Kapag ang inyong likas na pagkatao ay walang pagkastigo at pagsumpa, ayaw ninyong magyuko ng ulo, ayaw ninyong magpasakop. Kung hindi ninyo nakikita ang mga totoong pangyayari, walang magiging epekto. Masyadong aba at walang halaga ang inyong pagkatao! Kung wala ang pagkastigo at paghatol, magiging mahirap kayong malupig, at mahirap daigin ang inyong kawalan ng katuwiran at pagsuway. Ang inyong dating likas na pagkatao ay nakaugat nang napakalalim. Kung iniluklok kayo sa trono, wala kayong ideya sa taas ng langit at lalim ng lupa, lalong wala kayong ideya kung saan kayo patungo. Ni hindi ninyo alam kung saan kayo nagmula, kaya paano ninyo makikilala ang Panginoon ng paglikha? Kung wala ang napapanahong pagkastigo at mga sumpa sa ngayon, matagal na sanang dumating ang inyong huling araw. Huwag nang banggitin pa ang inyong kapalaran—hindi ba mas nalalapit iyon sa panganib? Kung wala ang napapanahong pagkastigo at paghatol na ito, sino ang nakakaalam kung gaano kayabang kayo sa inyong paglaki, o gaano kayo magiging masama. Nadala na kayo ng pagkastigo at paghatol na ito sa kasalukuyan, at naingatan ng mga ito ang inyong buhay. Kung “tinuruan” pa rin kayo gamit ang kaparehong mga pamamaraan tulad ng sa inyong “ama,” sino ang nakakaalam kung anong mundo ang inyong papasukin! Wala kayo talagang kakayahang kontrolin at pagbulay-bulayin ang inyong sarili. Para sa mga taong kagaya ninyo, kung susunod at tatalima lamang kayo nang hindi nagsasanhi ng anumang

panghihimasok o mga gambala, makakamtan ang Aking mga layunin. Hindi ba lalo kayong dapat magsumikap sa pagtanggap ng pagkastigo at paghatol sa ngayon? Ano ang iba pa ninyong mga pagpipilian?

Hinango mula sa “Pagsasagawa (6)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Matapos masakop ng Diyos ang mga tao, ang pangunahing katangian ng diwa ng katuwiran na dapat ibigay sa kanila ay matiyak na hindi sila magsalita nang mapagmataas. Dapat nilang gampan ang isang mababang kalagayan, “gaya ng basura sa lupa,” at magwika ng ilang mga bagay na totoo; ito ang pinakamahusay. Lalo na kapag nagpapatotoo para sa Diyos, kung makakapagsalita ka ng may laman mula sa puso, ng may saysay at walang kalabisan at walang kathang-isip na kasinungalingan, ang iyong disposisyon kung gayon ay magkakaroon ng pagbabago, at ito ang pagbabagong dapat maganap sa sandaling sakupin ka ng Diyos. Kung hindi mo tataglayin kahit na ganitong dami ng katuwiran, ikaw kung ganon ay tunay na walang anumang pagkakatulad sa isang tao. Sa hinaharap, kapag ang lahat ng mga bansa at rehiyon ay nasakop na ng Diyos, kung sa isang malaking pagtitipon para sa pagpupuri sa Diyos ay magsimula ka muling kumilos nang mapagmataas, ikaw ay tatanggalin at aalisin. Mula ngayon, dapat ka laging kumilos nang maayos, kilalanin ang iyong katayuan at posisyon, at huwag magbalik sa iyong mga lumang pamamaraan. Ang imahen ni Satanas na pinakapangunahing nahahayag sa pagmamataas at kapalaluan ng tao. Hangga’t hindi mo binabago ang aspektong ito ng iyong sarili, hinding-hindi ka magkakaroon ng kawangis ng tao, at palagi mong tataglayin ang mukha ni Satanas. Ang pagkakaroon lang ng kaalaman sa bagay na ito ay hindi magiging sapat para makamit ang isang ganap na pagbabago; kailangan mo pa ring magtiis ng maraming pagpipino. Hangga’t hindi nabibigyan pansin at natatabasan, sa pangmatagalan, ikaw ay nasa panganib pa rin. …

Upang maiwasan ang pagdulas pabalik sa iyong dating pamamaraan, dapat mo munang tanggapin na hindi pa nagbabago ang iyong disposisyon at ang iyong kalikasang magtaksil sa Diyos ay malalim pa ring nakaugat sa

iyo. Nasa matinding panganib ka pa rin na magtaksil sa Diyos, at nahaharap ka sa patuloy na posibilidad ng kapahamakan. Mayroon pang tatlong pangunahing punto: Una, hindi mo pa nakikilala ang Diyos; pangalawa, ang iyong disposisyon ay hindi nagbago; pangatlo, kailangan mo pang makamit ang kawangis sa tao, at sa mga taong mabuuti, ikaw ay nasa pinakahuli. Ang bawat isa ay dapat magkaroon ng malinaw na pag-unawa sa mga puntong ito. Ang lahat ay dapat may handang isang kasabihan, at iukit o isulat ito: “Ako ang diyablo,” o “Madalas akong nahuhulog sa mga dati kong pamamaraan,” o “Palagi akong nasa panganib,” o “Ako ang basura sa lupa.” Marahil sa patuloy na paghimok sa sarili sa gayong kasabihan, magkakaroon ng kaunting epekto, ngunit ang pinakamahalaga, kailangan mong magbasa ng marami pang salita ng Diyos at unawain ang iyong kalikasan. Sa pamamagitan lamang ng pagkamit ng isang tunay na pagbabago ka maliligtas.

Hinango mula sa “Sa Pamamagitan Lamang ng Paghahabol sa Katotohanan Nakakamit ng Isang Tao ang Pagbabago sa Disposisyon” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung napakababaw ng kaalaman ng mga tao tungkol sa kanilang sarili, makikita nila na imposibleng lutasin ang mga problema, at talagang hindi magbabago ang kanilang disposisyon sa buhay. Kailangang makilala nang malalim ng isang tao ang kanyang sarili, na ibig sabihi’y malaman ng isang tao ang kanyang sariling likas na pagkatao: anong mga elemento ang kasama sa pagkataong iyon, paano nagsimula ang mga bagay na ito, at saan nanggaling ang mga ito. Bukod pa riyan, talaga bang nagagawa mong kamuhian ang mga bagay na ito? Nakita mo na ba ang sarili mong pangit na kaluluwa at likas na kasamaan? Kung talagang nagagawa mong makita ang katotohanan tungkol sa iyong sarili, magsisimula kang kasuklaman ang iyong sarili. Kapag kinasuklaman mo ang iyong sarili at pagkatapos ay isinagawa mo ang salita ng Diyos, magagawa mong talikuran ang laman at magkakaroon ka ng lakas na isagawa ang katotohanan nang walang hirap. Bakit maraming taong sumusunod sa kagustuhan ng kanilang laman? Dahil itinuturing nila ang kanilang sarili na

mahusay, na nadarama na tama at makatwiran ang kanilang ikinikilos, na wala silang kamalian, at na talaga ngang tama sila, samakatuwid ay maaari silang kumilos na ipinapalagay na nasa panig nila ang katarungan. Kapag kinikilala ng isa kung ano ang tunay niyang kalikasan—gaano kapangit, gaano kasuklam-suklam, at gaano kaawa-awa—hindi na niya ipinagmamalaki nang labis ang kaniyang sarili, hindi na masyadong mapagmataas, at hindi na gaanong nasisiyahan sa kaniyang sarili tulad ng dati. Nararamdaman ng gayong tao, “Kailangan kong maging masigasig at makatotohanan, at isagawa ang ilan sa mga salita ng Diyos. Kung hindi, ako ay hindi aabot sa pamantayan ng pagiging tao, at mahihiyang mamuhay sa harapan ng Diyos.” Nakikita niyang tunay ang sarili bilang napakahamak, bilang totoong walang halaga. Sa pagkakataong ito ay nagiging madali para sa isa na isakatuparan ang katotohanan, at ang isa ay mas magmumukhang katulad ng kung ano dapat ang isang tao. Kapag tunay na kinasuklaman ng mga tao ang kanilang sarili, saka lang nila nagagawang talikuran ang laman. Kung hindi nila kinasusuklaman ang kanilang sarili, hindi nila magagawang talikuran ang laman. Ang tunay na pagkamuhi sa sarili ay binubuo ng ilang bagay: Una, pagkaalam sa sariling likas na pagkatao; at pangalawa, pagkakita sa sarili na nangangailangan at kaawa-awa, pagkakita sa sarili na napakahamak at walang kabuluhan, at pagkakita sa sariling kaawa-awa at maruming kaluluwa. Kapag lubos na nakikita ng isang tao kung ano siya talaga, at ito ang kinahinatnan, talagang nagtatamo siya ng kaalaman tungkol sa sarili, at masasabi na lubos na niyang nakilala ang kanyang sarili. Saka lamang niya talaga maaaring kamuhian ang kanyang sarili, hanggang sa isumpa niya ang kanyang sarili, at talagang madama niya na labis siyang nagawang tiwali ni Satanas kaya ni hindi siya mukhang tao. Sa gayon, balang araw, kapag lumitaw ang panganib ng kamatayan, iisipin ng taong iyon, “Ito ang matuwid na parusa ng Diyos. Tunay ngang matuwid ang Diyos; dapat talaga akong mamatay!” Sa puntong ito, hindi siya magrereklamo, lalo nang hindi niya sisisihin ang Diyos, nadarama lamang na siya ay talagang nangangailangan at kaawa-awa, napakarumi at napakatiwali kaya dapat

siyang puksain ng Diyos, at ang isang kaluluwang katulad ng sa kanya ay hindi nababagay na mabuhay sa lupa. Sa puntong ito, hindi lalabanan ng taong ito ang Diyos, lalo nang hindi siya magtataksil sa Diyos. Kung hindi nakikilala ng isang tao ang kanyang sarili, at itinuturing pa rin ang sarili niya na mahusay, iisipin ng taong ito kapag malapit na siyang mamatay, "Napakabuti ng nagawa ko sa aking pananampalataya. Talagang nagsumikap ako sa paghahanap! Napakarami kong naibigay, nagdusa ako nang todo, subalit sa huli, hinihingi sa akin ngayon ng Diyos na mamatay ako. Hindi ko alam kung nasaan ang katuwiran ng Diyos. Bakit Niya hinihingi sa aking mamatay ako? Kung kailangang mamatay pati ang isang taong katulad ko, sino na lang ang maliligtas? Hindi ba magwawakas ang lahi ng tao?" Una sa lahat, ang taong ito ay may mga palagay tungkol sa Diyos. Pangalawa, ang taong ito ay nagrereklamo, at hindi nagpapakita ng anumang pagpapasakop. Katulad lang siya ni Pablo: Noong malapit na siyang mamatay, hindi niya kilala ang kanyang sarili, at noong malapit na ang parusa ng Diyos, huli na para magsisi.

Hinango mula sa "Ang Kilalanin ang Sarili ay Pangunahing Tungkol sa Pagkilala sa Pantaong Kalikasan" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Nilikha ng Diyos ang tao, hiningahan siya ng buhay, at binigyan rin siya ng kaunti sa Kanyang katalinuan, sa Kanyang mga kakayahan, at kung anong mayroon at kung ano Siya. Pagkatapos ibigay ng Diyos sa tao ang lahat ng ito, nakayang gumawa ng tao ng ilang bagay nang nagsasarili at mag-isip nang sarili. Kung ang mabuo at magawa ng tao ay mabuti sa mata ng Diyos, tinatanggap ito ng Diyos at hindi pinakikialaman. Kung ang ginagawa ng tao ay tama, hahayaan lang iyan ng Diyos. Kaya ano ang ipinahihiwatig ng pariralang "ang bawa't itinawag ng lalake sa bawa't kinapal na may buhay ay yaon ang naging pangalan niyaon"? Ipinahihiwatig nito na para sa Diyos ay hindi na kailangang gumawa ng anumang pagbabago sa mga pangalan ng iba't ibang mga buhay na nilikha. Anumang pangalan ang itawag ni Adan sa nilikha, sinasabi ng Diyos na "Ito na nga kung gayon," bilang pagsang-ayon sa pangalan ng

nilalang. Nagpahayag ba ang Diyos ng anumang opinyon sa bagay na ito? Siguradong hindi. Kaya ano ang napulot ninyo rito? Binigyan ng Diyos ang tao ng katalinuhan at ginamit ng tao ang katalinuhang bigay ng Diyos upang gumawa ng mga bagay. Kung ang gawain ng tao ay positibo sa mata ng Diyos, ito ay pinapayagan, kinikilala, at tinatanggap ng Diyos nang walang paghuhusga o pamimintas. Ito ay isang bagay na hindi magagawa ng isang tao, masamang espiritu, o ni Satanas. Nakakita ba kayo rito ng pagbubunyag ng disposisyon ng Diyos? Ang isang tao ba, isang tiwaling tao, o si Satanas, ay magpapahintulot na may gawin ang sinuman sa kanilang pangalan habang nakabantay sila? Siguradong hindi. Makikipaglaban ba sila para sa puwesto sa ibang tao na iyon o sa ibang pwersa na naiiba sa kanila? Siyempre, gagawin nila ito! Kung isang tiwaling tao o si Satanas ang kasama ni Adan, tiyak na hindi nila tatanggapin ang ginagawa ni Adan noong panahong iyon, tiyak na aayawan nila ang ginagawa ni Adan. Upang patunayang mayroon silang kakayahang mag-isip nang nagsasarili at mayroon silang natatanging mga karunungan, lubos sana nilang tinanggihan ang lahat ng ginawa ni Adan: “Gusto mo itong tawagin na ganito? Magaling, hindi ko ito tatawagin na ganito, tatawagin ko itong ganyan; tinawag mo itong Tom ngunit tatawagin ko itong Harry. Kailangan Kong ipakita kung gaano ako kagaling.” Anong uri ng kalikasan ito? Hindi ba ito labis na kayabangan? At paano naman ang Diyos? May ganito ba Siyang disposisyon? May anumang kakaibang pagtutol ba ang Diyos sa ginawa ni Adan? Ang sagot ay maliwanag na wala! Sa inihahayag na disposisyon ng Diyos, walang kahit katiting na pagiging mahilig sa pakikipagtalo, kayabangan, o pagmamagaling. Iyan ay napakalinaw rito. Mukhang maliit na punto lamang ito, ngunit kung hindi mo nauunawaan ang diwa ng Diyos, kung ang iyong puso ay hindi susubukang malaman kung paano gumagalaw ang Diyos at kung ano ang saloobin ng Diyos, hindi mo malalaman ang disposisyon ng Diyos, o makikita ang pagpapahayag at pagbubunyag ng disposisyon ng Diyos.

Hinango mula sa “Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo I” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ano ang pagkaunawa mo sa disposisyon ng Diyos, kung ano ang mayroon Siya at kung ano Siya? Ano ang pagkaunawa mo sa Kanyang awtoridad at sa Kanyang pagka-makapangyarihan at karunungan? May nakakaalam ba kung ilang taon nang gumagawa ang Diyos sa buong sangkatauhan at sa lahat ng bagay? Walang nakakaalam ng eksaktong bilang ng mga taon hanggang sa ngayon kung gaano katagal nang gumagawa ang Diyos at pinamamahalaan ang buong sangkatauhan; Hindi Niya inihahayag ang gayong mga bagay sa sangkatauhan. Ngunit kung gagawin ito nang saglit ni Satanas, mahahayag ba ito? Tiyak na mahahayag ito. Nais ni Satanas na magpakitang-gilas, upang makapanlinlang ito ng mas maraming tao at nang marami sa kanila ang kilalanin ito. Bakit hindi inihahayag ng Diyos ang ganitong gawain? May aspekto ng diwa ng Diyos na mapagpakumbaba at nakalihim. Anong mga bagay ang kasalungat ng pagpapakumbaba at pagiging nakalihim? Pagmamataas, kawalang-galang, at ambisyon. Gaano man kadakila ang gawaing ginagawa Niya, sapat nang sabihin ng Diyos sa tao at bigyang siya ng kamalayan sa bagay lamang na maaari niyang malaman at maunawaan, gamit ang lahat ng gawaing Kanyang ginagawa upang ipaalam sa tao ang Kanyang diwa. Paano makikinabang dito ang tao? Anong resulta ang nakakamit nito? Ibig bang sabihin ay dapat mong maunawaan ang mga bagay na ito upang makasamba sa Diyos? Sa katunayan, hindi. Ang makasamba sa Diyos ay ang nilalayong resultang nakamit sa huli, subalit ang tunay na hangad ng Diyos ay na ang tao, sa sandaling nauunawaan niya ang mga bagay na ito, at sa sandaling may pagkaunawa siya kung paano pinamamahalaan ng Diyos ang sangkatauhan, kung paano Siya naghahari at gumagawa ng mga plano para sa sangkatauhan, ay magagawang magpasakop sa pagka-makapangyarihan ng Diyos, hindi na walang saysay pang lumalaban o lumilihis ng landas, at nang sa gayon, hindi na gaanong magdurusa. Kung mahahayaan mo ang kalikasan na gawin kung anong nakatakdang mangyari at mamuhay ka ayon sa mga paraan at kautusan na ibinigay ng Diyos, at alinsunod sa Kanyang mga hinihingi at sa mga prinsipyong

ibinibigay Niya, hindi ka mahuhulog sa mga kamay ni Satanas, ni hindi ka magiging tiwali at mayuyurakan sa ikalawang pagkakataon. Mamumuhay ka magpakailanman sa mga kautusang itinatag ng Diyos; mamumuhay ka na may kawangis ng tao bilang isang nilalang na Kanyang nilikha, at matatanggap mo ang Kanyang malasakit at pag-iingat. Ito ang tunay na hangarin at layunin ng Diyos sa Kanyang paggawa.

Hinango mula sa “Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (6)” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Dapat ninyong malamang likas kayong mga mapagmataas at mayayabang, at ayaw magpasakop sa mga katotohanan. Sa dahilang ito, sasabihin Ko sa inyo nang paunti-unti matapos kayong magmuni-muni sa mga sarili ninyo. Hinihimok Ko kayong magkaroon ng mas mahusay na pag-unawa sa nilalaman ng mga atas administratibo, at magsikap alamin ang disposisyon ng Diyos. Kung hindi, mahihirapan kayong panatilihing tikom ang mga labi ninyo, malayang mamamagaypay ng magarbong pananalita ang mga dila ninyo, at hindi sinasadyang magkakasala kayo sa disposisyon ng Diyos at mahuhulog sa kadiliman, na mawawalan ng presensiya ng Banal na Espiritu at ng liwanag. Sapagkat wala kayong prinsipyo sa mga kilos ninyo, sapagkat ginagawa at sinasabi mo ang hindi dapat, tatanggap ka ng naaangkop na ganti. Dapat mong malamang kahit wala kang prinsipyo sa salita at gawa, lubhang maprinsipyo ang Diyos sa dalawang bagay na ito. Pagkakasala sa Diyos, hindi sa isang tao, ang dahilan ng pagkakatanggap mo ng ganti. Kung sa buhay mo marami kang mga pagkakasala sa disposisyon ng Diyos, papunta ka sa pagiging anak ng impiyerno. Para sa tao, maaaring lumitaw na gumawa ka lamang ng iilang mga gawang salungat sa katotohanan, at wala nang iba. Alam mo ba, gayunpaman, na sa mga mata ng Diyos ay isa ka nang taong wala nang nauukol na handog para sa kasalanan? Sapagkat nilabag mo ang mga atas administratibo ng Diyos nang higit sa isang beses at, bukod dito, walang ipinakitang tanda ng pagsisisi, wala nang ibang paraan kundi malublob ka sa impiyerno, kung saan pinarurusahan ng Diyos ang tao.

Gumawa ang isang maliit na bilang ng mga tao ng mga gawang lumabag sa mga prinsipyo, habang sumusunod sa Diyos, ngunit matapos silang mapakitunguhan at mabigyan ng gabay, unti-unti nilang natuklasan ang sarili nilang katiwalian, at matapos nito pumasok sa tamang landas ng realidad, at nananatili silang may matatag na saligan hanggang ngayon. Ang ganitong mga tao yaong mga mananatili hanggang sa huli.

Hinango mula sa “Tatlong Paalaala” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

54. Ang mga Prinsipyo ng Paglutas sa Pagiging Negatibo

(1) Una, siyasatin ang mga sitwasyon kung saan umuusbong ang pagiging negatibo: Anong mga gawain ang nagdudulot nito, anong mga pagpipigil ang humahantong dito, at ano ang mga kahihinatnan;

(2) Kinakailangang maunawaan ang diwa at pinagmumulan ng pagiging negatibo, at malaman ang disposisyon kung saan ito may kaugnayan. Kapag nakita lamang ang pinag-ugatang problema saka maaaring tunay na makilala ng isang tao ang kanyang sarili;

(3) Kapag nahaharap sa pagiging negatibo, dapat gawin ng isang tao na matutuhang makilala ang kanyang sarili. Kinakailangang malaman ang mga katotohanan na dapat taglayin ng isang tao upang masugpo ang problema ng pagiging negatibo mula sa ugat nito;

(4) Kapag umiiral ang isang tao sa isang maka-satanas na disposisyon, maaaring umusbong ang pagiging negatibo anumang oras, at dahil doon ay humantong sa paghihimagsik at paglaban sa Diyos. Sa lahat ng bagay, dapat hanapin ng isang tao ang katotohanan upang maituwid ang pagiging negatibo.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang gawaing ginagampanan ng Diyos sa mga tao una sa lahat ay upang tulutan silang makamit ang katotohanan; ang paghikayat sa iyo na maghangad ng buhay ay para sa kapakanan ng pagpeperpekto sa iyo, at lahat ng ito ay upang gawin kang angkop na kasangkapanin ng Diyos. Ang iyong hinahangad lamang ngayon ay ang makinig sa mga hiwaga, makinig

sa mga salita ng Diyos, magpista ang iyong mga mata, at tumingin sa paligid upang makita kung may anumang bago o uso, at sa gayon ay masiyahan ang iyong pag-uusisa. Kung ito ang layunin sa iyong puso, walang paraan para matugunan mo ang mga hinihiling ng Diyos. Yaong mga hindi naghahangad na matamo ang katotohanan ay hindi makakasunod hanggang sa kahuli-hulihan. Sa ngayon, hindi sa walang ginagawa ang Diyos, kundi sa halip ay hindi nakikipagtulungan ang mga tao sa Kanya, dahil sawa na sila sa Kanyang gawain. Nais lamang nilang marinig ang mga salitang binibigkas Niya upang magkaloob ng mga pagpapala, at ayaw nilang makinig sa mga salita ng Kanyang paghatol at pagkastigo. Bakit kaya? Ito ay dahil ang mga pagnanais ng mga tao na magtamo ng mga pagpapala ay hindi pa natutupad at sa gayon ay naging negatibo at mahina sila. Hindi sa sadyang hindi tinutulutan ng Diyos ang mga tao na sundan Siya, ni sadya Siyang nagpapadala ng mga dagok sa sangkatauhan. Ang mga tao ay negatibo at mahina dahil lamang sa ang kanilang mga layunin ay hindi wasto. Ang Diyos ay ang Diyos na nagbibigay ng buhay sa tao, at hindi Niya maaaring dalhin ang tao sa kamatayan. Ang pagiging negatibo, mga kahinaan, at pagbalik ng mga tao sa dati ay pawang sarili nilang kagagawan.

Hinango mula sa “Dapat Mong Panatilihin ang Iyong Katapatan sa Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa kaibuturan, ang mga tao ay nagkikimkim ng ilang masasamang kalagayan—pagkanegatibo, kahinaan, at lumbay o karupukan; o isang paulit-ulit na batayang layunin; o laging inaalipin ng pag-aalala tungkol sa katanyagan, ng mga makasariling pagnanasa, at ng mga pansariling kapakinabangan; o iniisip nila na sila ay may mahinang kakayahan at nagtataglay ng ilang negatibong kalagayan. Kung lagi kang nabubuhay sa ganitong mga kalagayan, napakahirap para sa iyong makamtan ang gawain ng Banal na Espiritu. Kung nahihirapan kang makamtan ang gawain ng Banal na Espiritu, kakaunting positibong bagay ang tataglayin mo, at magiging mahirap para sa iyo na makamtan ang katotohanan. Ang

mga tao ay laging umaasa sa kapangyarihan ng isip upang makapagpigil, nagpipigil sa ganito at ganoong paraan, ngunit hindi pa rin nila mapalaya ang mga sarili mula sa mga gayong negatibo o masasamang kalagayan. Bahagi nito ay dahil sa mga kadahilanang pantao; ang mga tao ay hindi makahanap ng isang landas ng pagsasagawa na nababagay sa kanila. Ang isa pang dahilan—at ito ay isa ring pangunahing dahilan—ay palaging nahuhulog ang mga tao sa mga negatibo, lumulubog, lumalalang kalagayang ito, at ang Banal na Espiritu ay hindi gumagawa. Bagama't paminsan-minsan ay binibigyan Niya sila ng kaliwanagan, hindi Siya gumagawa ng malaking gawain sa kanila. Sa gayon, kinakailangan ng mga tao ng ibayong pagsisikap para kumilos, at mahirap para sa kanila na makita at maunawaan ang anuman. Mahirap para sa iyo na makamit ang kaliwanagan at pagbibigay-tanglaw, at napakahirap magkaroon ng liwanag, sapagkat napakaraming negatibo at masamang bagay ang sumakop sa lahat ng puwang sa loob mo. Kung ang isang tao ay hindi maliwanagan ng Banal na Espiritu, at hindi makamit ang gawain ng Banal na Espiritu, hindi niya maaaring lisanin ang mga kalagayang ito o baguhin ang mga negatibong kalagayang ito; ang Banal na Espiritu ay hindi gumagawa, at hindi ka makahahanap ng isang landas pasulong. Para sa dalawang kadahilanang ito, mahirap para sa iyo ang makamit ang isang positibo, normal na kalagayan. Bagama't kaya ninyong magtiis nang lubos at magsumikap sa pagtupad ng inyong mga tungkulin, at kahit na gumugol kayo ng ibayong pagsisikap at nagawang talikuran ang inyong tahanan at hanapbuhay, at tuluyang bitawan ang lahat, ang inyong panloob na kalagayan ay hindi pa rin talaga nagbago. Napakaraming gusot ang bumibihag pa rin sa iyo para makapagsagawa ng katotohanan at makapasok sa katotohanang realidad. Iba't ibang bagay ang pumupuno sa puwang sa loob mo: Mga personal na palagay, bungang-isip, kaalaman, at mga pilosopiya para sa pamumuhay, pati na rin mga negatibong bagay, mga makasariling pagnanasa at pansariling interes, mga pag-alagata ukol sa katanyagan, at mga pakikipag-alitan sa iba. Walang positibo sa kalooban ng mga tao. Ang kanilang mga ulo ay puno ng mga negatibo at

masasamang kaisipan; ito ay isang katunayang hindi maitatanggi ng sinuman. Ang kanilang mga puso ay napuno at sinakop ng mga bagay na makasatanas. Kung hindi mo pupuksain ang mga bagay na ito, kung hindi mo kayang palayain ang iyong sarili mula sa mga kalagayang ito, kung hindi mo kayang magbago ayon sa tunay na pagkakahawig sa isang paslit—walang-malay, masigla, matapat, tunay, at dalisay—at pumunta sa harap ng Diyos, at kung hindi ka lalapit sa Kanya, magiging napakahirap para sa iyo na makamtan ang katotohanan.

Hinango mula sa "Ipagkaloob ang Iyong Tunay na Puso sa Diyos, at Makakamit Mo ang Katotohanan" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Dumaan ng mga tao sa maraming kalagayan bago sila hatulan at kastiguhin sila ng Diyos. Halimbawa, mayroong negatibong kalagayan na madalas nakikita sa mga tao: Negatibo sila kapag ginagampanan ng iba nang mas mabunga kaysa sa kanila ang kanilang tungkulin; negatibo sila kapag mas nagkakaisa ang pamilya ng iba ay kaysa sa kanila; negatibo sila kapag mas maayos ang mga kundisyon ng iba kaysa sa kanila, o may mas mataas silang kakayahan; at negatibo sila kapag gingising nang medyo mas maaga, kapag nakakapagod ang kanilang mga tungkulin, at kahit na hindi. Anuman ang mangyari, sila ay negatibo. Kung ang mga taong ito ay nagbibigay ng espesyal na pagsisikap sa paghahanap, at partikular na nakakapagbayad ng halaga, at kung mayroon silang ilang kakayahan at nakagagawa ng ilang antas ng praktikal na gawain, ang mga kuru-kuro ng iba kung gayon ay maaaring maging sanhi para sabihin nila tungkol sa mga taong ito, "Nakakahiya na ang mga taong iyon ay palaging negatibo. Hindi ba dapat magpakita sa kanila ang Diyos ng konting pagkiling sa at hindi sila gawing negatibo, at payagan silang kumawala mula sa kanilang pagiging negatibo? Bakit hindi ginagawa ng Diyos ang Kanyang gawain?" Ano ang ginagawa ng Diyos sa mga ganung tao? Ano ang ugali Niya sa kanila? Hindi Niya sila disiplina, ni hinaharap o tintabas; Isinasantabi lamang Niya sila sa isang gilid. Ano ang ibig sabihin nito? Nangangahulugan ito na kung palagi kang negatibo at hindi nasisiyahan sa

anumang ginagawa ng Diyos, itatapon ka Niya sa kungsaan at paghihintayin. Hindi gumagawa ng walang kabuluhang gawain ang Banal na Espiritu. Sinasabi ng ibang tao, “Kung hindi ito gagawin ng Diyos, nangangahulugang hindi Siya mapagmahal!” Hindi sa ganiyang paraan ipinapahayag ang pag-ibig ng Diyos. Ang pagiging negatibo ay nangangahulugang mayroong problema sa kalooban ng mga tao: Hindi nila matanggap ang katotohanan, at patuloy na hindi nasisiyahan sa lahat ng ginagawa ng Diyos; bukod dito, hindi man lamang nila hinahanap ang katotohanan o isinasabuhay ito. Bakit mananatiling tumutugon ang Diyos sa mga ganung tao? Hindi ba sila bingi sa katwiran? Ano ang saloobin ng Diyos sa mga bingi sa katwiran? Pinapalayas Niya sila at hindi pinapansin. Maaari kang kumilos ayon sa iyong kagustuhan, at maaari kang maniwala kung nais mong gawin ito; kung naniniwala ka at naghahanap, maaari kang makakuha. Tinatrato ng Diyos ang bawat tao nang patas. Kung ang saloobin mo ay hindi tumatanggap sa katotohanan at yaong hindi nagpapasakop, at kung hindi ka sumusunod sa mga hinihiling ng Diyos, maniwala sa kung anong kagustuhan mo kung gayon; gayun din, kung mas gugustuhin mong umalis, maaari mo itong gawin kaagad. Kung hindi mo nais na gawin ang iyong tungkulin, kung gayon, kahit anong gawin mo, huwag kang gumawa ng kahiya-hiyang eksena o magmataas, umalis kaagad sa halip, patungo sa kung saan mo nais. Hindi hinihimok ng Diyos ang gayong mga tao na manatili. Iyon ang Kaniyang ugali. Kung ikaw—na malinaw na isang nilikhang nilalang—ay hindi kailanman nagnanais na kumilos nang ganito, at sa halip ay laging nais na maging isang arkanghel, kung gayon ay papansinin k aba ng Diyos Kung ikaw—na malinaw na karaniwang tao—laging naghahangad ng espesyal, pinipiling paggamot, at maging isang taong may katayuan at kalagayan na higit sa iba sa lahat ng bagay, ikaw sa gayon ay hindi makatuwiran at kulang sa pag-unawa. Paano nakikita ng Diyos ang mga taong kulang sa pag-unawa? Ano ang Kanyang pagtatasa sa kanila? Ang mga ganitong tao ay bingi sa katwiran!

Hinango mula sa “Sa pamamagitan lamang ng Paglutas ng mga Kuro-kuro Maaaring Makapasok sa Tamang Landas ng Paniniwala sa Diyos (3)” sa Mga Talaan ng mga Pananalita

ni Cristo

Ito man Maging malaki man o maliit na mga bagay ang sumasapit, lagi kayong negatibo, mahina, at wala kang dalang patotoo. Ang dapat mong gawin o bigyan ng panahon para sa pakipagtulungan, hindi mo ginawa, nagpapatunay na wala kang Diyos o katotohanan sa iyong puso. Maliban kung papano nahipo ang mga tao ng gagawa ng Banal na Espiritu, ang tao ay maaari pa ring magkamit ng pinakamababang pamantayan sa pamamagitan ng pagtitiwala sa kanilang maraming taong karanasan, marami ng katotohanan na kanilang narinig, ang kaunting konsiyensya, at ang pagtitiwala sa kanilang kalooban upang magpigil; gayunman nanatiling mas mabuti ito kaysa sa paanong manhid at mahina ka ngayon. Ito ay mahirap isipin. Maaaring kayo ay nagpapabaya nitong dalawang taon, kung hindi paano kayo naging manhid at matamlay gaya ngayon? Sa katunayan nagkaila kayo sa inyong sarili, nagsasabing, “Hindi mabuti ang kalagayan ko, ako'y tiwali, ganito na talaga ito, at magiging tiwali na lang ako!” Ikaw mismo ang nagsara ng pinto sa iyong sarili, at wala kayong ginawa upang tulungan ang sarili mo, sinasabi mo pa, “Ito ang aking paghihirap. Mas mabuti pauwiin na lang ninyo ako!” Hindi ka ba nagsasalita ng kalokohan? Umiiwas ka lamang at nagpapabaya sa responsibilidad. Kung mayroon ka mang katiting na konsiyensya dapat mong gampanan nang husto ang iyong misyon; ang pagiging pabaya ay isang mahirap na bagay at ito ay pagtataksil sa Diyos. Ang paghahangad sa katotohanan ay kinakailangan ng matatag na loob, at ang mga taong masyadong negatibo o mahina ay walang matatapos. Hindi sila mananampalataya sa Diyos hanggang sa wakas, at ang makamit ang katotohanan at matamo ang pagbabago ng disposisyon ay lalong wala ng pag-asa. Tanging silang naghahanap ng katotohanan nang may pagpapasya ang makakatanggap ng katotohanan at gagawing perpekto ng Diyos.

Hinango mula sa “Ang Mga Taong Lito ay Hindi Naliligtas” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang Banal na Espiritu ay may isang landas na tatahakin sa bawat tao,

at binibigyan ang bawat tao ng pagkakataon na maperpekto. Sa iyong pagiging negatibo naipapaalam sa iyo ang sarili mong katiwalian, at sa pag-aalis ng pagiging negatibo ay makasusumpong ka ng landas ng pagsasagawa; lahat ito ay paraan kung saan ginagawa kang perpekto. Bukod diyan, sa patuloy na paggabay at pagpapalinaw ng ilang positibong bagay sa iyong kalooban, aktibo mong gagampanan ang iyong tungkulin, lalago sa kabatiran at makakahiwatig. Kapag maganda ang iyong mga kalagayan, mas handa kang basahin ang salita ng Diyos, at mas handa kang manalangin sa Diyos, at maiuugnay mo ang mga sermon na iyong naririnig sa iyong sariling sitwasyon. Sa gayong mga pagkakataon nililiwanagan at pinaliliwanagan ng Diyos ang iyong kalooban, kaya natatanto mo ang ilang positibong aspeto. Ganito ka pineperpekto sa positibong aspeto. Sa mga negatibong kalagayan, ikaw ay mahina at walang kibo; pakiramdam mo ay wala ang Diyos sa puso mo, subalit pinaliliwanagan ka ng Diyos, tinutulungan kang makahanap ng isang landas ng pagsasagawa. Lalabas dito ang pagtatamo ng pagkaperpekto sa negatibong aspeto. Mapeperpekto ng Diyos ang tao kapwa sa positibo at negatibong mga aspeto. Nakasalalay ito sa kung nagagawa mong makaranas, at kung hinahangad mong maperpekto ng Diyos. Kung tunay mong hinahangad na maperpekto ng Diyos, ang negatibo ay hindi ka magagawang dumanas ng kawalan, kundi maaaring maghatid sa iyo ng mga bagay na mas totoo, at magawa kang mas alam yaong wala sa iyong kalooban, mas nakauunawa sa iyong tunay na kalagayan, at nakikita na walang kahit ano ang tao, at balewala siya; kung hindi ka dumaranas ng mga pagsubok, hindi mo alam, at palagi mong madarama na nakahihigit ka sa iba at mas mahusay ka kaysa sa lahat ng iba pa. Sa lahat ng ito makikita mo na lahat ng dumating noon ay ginawa ng Diyos at protektado ng Diyos. Ang pagpasok sa mga pagsubok ay iniiwan kang walang pagmamahal o pananampalataya, kulang ka sa panalangin at hindi mo nagagawang umawit ng mga himno, at hindi mo namamalayan, sa gitna nito ay nakikilala mo ang iyong sarili.

Hinango mula sa “Yaon Lamang mga Nakatuon sa Pagsasagawa ang Mapeperpekto” sa Ang

Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Huwag kang maging walang-pakialam na tagasunod ng Diyos, at huwag habulin yaong nakakaganyak sa iyo. Sa pagiging sala sa init o sala sa lamig sisirain mo ang sarili mo at maaantala ang buhay mo. Alisin mo sa iyong sarili ang gayong pagiging walang-pakialam at kawalan-ng-pagkilos, at maging dalubhasa sa paghahabol ng mga positibong bagay at mapagtagumpayan ang iyong sariling mga kahinaan, upang maaari mong matamo ang katotohanan at isabuhay ang katotohanan. Walang nakakatakot tungkol sa iyong mga kahinaan, at ang iyong mga pagkukulang ay hindi ang iyong pinakamalaking problema. Ang iyong pinakamalaking problema, at ang iyong pinakamatinding pagkukulang, ay ang iyong pagiging hindi mainit ni malamig at ang kakulangan ng iyong pagnanasa na hanapin ang katotohanan. Ang pinakamalaking problema sa inyong lahat ay ang duwag na kaisipan kung saan ay masaya na kayo sa kalagayan ng mga bagay-bagay, at naghihintay lang nang walang ginagawang hakbang. Ito ang inyong pinakamalaking balakid, at ang pinakamatinding kaaway sa inyong paghahabol sa katotohanan.

Hinango mula sa “Ang mga Karanasan ni Pedro: Ang Kanyang Kaalaman sa Pagkastigo at Paghatol” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa mga panahong ito hindi mo dapat na pansinin ang mga negatibong bagay. Una, isantabi mo at huwag pansinin ang anumang bagay na nakakapagparamdam sa iyo ng negatibo. Kapag nangangasiwa ka ng mga bagay-bagay, gawin mo ang gayon taglay ang isang puso na naghahanap at nag-aapuhap, isang pusong nagpapasakop sa Diyos. Sa tuwing nakakatuklas kayo ng kahinaan sa loob ninyo nguni’t hindi sumasailalim sa kontrol nito at inyong ginagampanan ang tungkulin na dapat ninyong gawin, ito ay isang positibong kilos na pasulong. Halimbawa, ang iyong mga mas matandang kapatid na lalaki at babae ay may mga paniwalang pangrelihiyon, nguni’t nakakaya mong manalangin, magpasakop, kumain at uminom ng salita ng Diyos, at kumanta ng mga himno…. Ibig sabihin nito, anuman ang kaya mong gawin, anumang tungkulin ang kaya mong

gampanan, ilagay ang iyong lahat-lahat dito nang may buong lakas na maaari mong tipunin. Huwag maghintay nang walang-kibo. Ang mabigyang-kasiyahan ang Diyos sa paggawa ng iyong tungkulin ay ang unang hakbang. Pagkatapos kapag kaya mo nang maintindihan ang katotohanan at pumasok sa realidad ng salita ng Diyos, ikaw ay nagawa nang perpekto ng Diyos.

Hinango mula sa “Tungkol sa Pagganap ng Bawa’t Isa sa Kanilang Tungkulin” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung talagang payapa ang puso mo sa harap ng Diyos, hindi ka magagambala ng anumang nangyayari sa mundo sa labas, o maaabala ng sinumang tao, pangyayari, o bagay. Kung may pagpasok ka rito, ang mga negatibong kalagayang iyon at lahat ng negatibong bagay—mga pagkaintindi ng tao, pilosopiya para sa pamumuhay, abnormal na ugnayan sa mga tao, at mga ideya at kaisipan, at iba pa—ay natural na maglalaho. Dahil palagi mong pinagninilayan ang mga salita ng Diyos, at palagi mong inilalapit ang puso mo sa Diyos at lagi kang abala sa kasalukuyang mga salita ng Diyos, ang mga negatibong bagay na iyon ay mawawala sa iyo nang hindi mo namamalayan. Kapag abala ka sa mga bago at positibong bagay, mawawalan ng puwang ang mga negatibo at lumang bagay, kaya huwag mong pansinin ang mga negatibong bagay na iyon. Hindi mo kailangang sikaping pigilan ang mga ito. Dapat kang magtuon sa pagiging payapa sa harap ng Diyos, kumain, uminom, at tamasahin ang mga salita ng Diyos hangga’t kaya mo, umawit ng mga himno ng papuri sa Diyos hangga’t kaya mo, at bigyan ng pagkakataon ang Diyos na gawaan ka, dahil gusto ng Diyos ngayon na personal na gawing perpekto ang sangkatauhan, at gusto Niyang matamo ang puso mo; inaantig ng Kanyang Espiritu ang puso mo at kung, sa pagsunod sa patnubay ng Banal na Espiritu, nabubuhay ka sa presensya ng Diyos, mapapalugod mo ang Diyos.

Hinango mula sa “Tungkol sa Pagpapatahimik sa Puso Mo sa Harap ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang mga taong inililigtas ng Diyos ay yaong mga taong may tiwaling disposisyon dahil ginawang tiwali ni Satanas; hindi sila mga perpektong tao na wala ni katiting na bahid-dungis, ni mga taong hungkag ang pamumuhay. Para sa ilan, sa sandaling mahayag ang kanilang katiwalian, iniisip nila, “Nalabanan ko na naman ang Diyos; nanalig na ako sa Kanya nang maraming taon, pero hindi pa rin ako nagbabago. Tiyak na ayaw na sa akin ng Diyos!” Anong klaseng saloobin ito? Sumuko na sila sa sarili nila, at iniisip nila na ayaw na sa kanila ng Diyos. Hindi ba ito maling pagkaunawa sa Diyos? Kapag napakanegatibo mo, napakadali para kay Satanas na makahanap ng mga kahinaan sa iyo, at kapag nagtagumpay ito, mahirap nang isipin ang mga ibubunga nito. Samakatuwid, gaano ka man nahihirapan o gaano man kanegatibo ang damdamin mo, huwag kang sumuko kailanman! Sa proseso ng paglago sa buhay at habang naliligtas, kung minsa’y mali ang landas na tinatahak ng mga tao o naliligaw sila ng landas. Sumandaling nakikita sa kanila na medyo isip-bata sila sa kanilang buhay, o kung minsa’y nanghihina at nagiging negatibo sila, nagsasalita ng mga maling bagay, nadudulas at nadadapa, o nagdaranas ng kabiguan. Sa paningin ng Diyos, normal lahat ang gayong mga bagay, at hindi Siya magrereklamo tungkol doon. Ang makita kung gaano kalabis ang katiwalian nila, na hindi nila kailanman mapasasaya ang Diyos, ay nagdudulot ng sakit sa puso ng ilang tao, at ang mga taong may kakayahang magsisi ang kadalasang pakay ng kaligtasan ng Diyos. Yaong mga hindi nadaramang kailangan nila ng kaligtasan, na ang tingin nila sa sarili ay perpekto na, ay hindi siyang maliligtas ng Diyos. Bakit sinasabi ko ito sa inyo? Ang ibig kong sabihin ay dapat kang magkaroon ng pananampalataya: “Sa kabila ng katotohanang mahina na ako ngayon, at bumagsak ako at nabigo, balang araw ay lalago ako, balang araw ay mabibigyan ko ng kasiyahan ang Diyos, mauunawaan ang katotohanan, at maliligtas.” Dapat kang magkaroon ng ganitong pananampalataya. Kahit pa anong mga dagok, paghihirap, o pagkabigo at pagbagsak, hindi ka dapat maging negatibo; dapat mong malaman kung anong uri ng mga tao ang inililigtas ng Diyos. Dagdag dito, kung pakiramdam mong hindi ka karapat-

dapat para sa kaligtasan ng Diyos, kung nasa kalagayan ka paminsan-minsan kung saan sa tingin mo ay kasuklam-suklam o hindi ka kanais-nais sa Diyos, o kung mayroong panahon sa nakaraan na hindi ka lubusang tinanggap o tinanggihan ka ng Diyos, huwag mag-alala. Ngayong alam mo na ito ngayon, at sa gayon ay hindi pa huli ang lahat; basta ikaw ay magsisi, bibigyan ka ng Diyos ng pagkakataong maligtas.

Hinango mula sa "Pagpasok sa Buhay ang Pinakamahalaga sa Pananalig sa Diyos" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Maititigil ng mga tao ang maging negatibo kapag nakakaharap nila ang mga paghihirap o kapag sila ay tinabas at iwinasto, o tuwing nabibigo at nabubuwal sila. Ano ang pangunahing dahilan nito? Ito ay dahil nagagawa nilang tanggapin ang katotohanan. Sa pagtanggap sa katotohanan, humihinto sila sa pagiging negatibo. Kung hindi nila tinatanggap ang katotohanan at lagi silang nagkikimkim ng mga paghihirap sa kanilang kalooban, at laging walang kakayahang lutasin ang mga ito, mamamalagi silang negatibo; may kinalaman ito sa kanilang pagkaunawa sa katotohanan. Para sa ilang tao na naging negatibo, kapag nakikisalamuha ka sa kanila, sinasabi nila na, "Huwag kang makisalamuha sa akin; nauunawaan ko ang lahat." Tunay nga bang nauunawaan nila ang lahat? Kung naunawaan na nila ang lahat, magiging negatibo pa ba sila? Anong nakapaloob sa pagkaunawang ito na binabanggit nila? Ito ay nauunawaan nila ang mga doktrina at nauunawaan nila ang mga literal na kahulugan. Sa katunayan, hindi nila nauunawaan ang katotohanan. Bakit nila nagagawang tanggapin ang mga doktrina kung hindi naman nila nauunawaan ang katotohanan? (Hindi nila nararanasan ang mga salita ng Diyos. Hindi nila ito pinagninilayan, o hindi nila hinahanap ang katotohanan. Hindi nila sinusuri ang kanilang mga tiwaling disposisyon batay rito.) Ganyan ang mismong nangyayari. Hindi nila tinatanggap ang mga doktrinang iyon na kanilang nauunawaan at isinasagawa o ginagamit ang mga ito. Nagsasalita lamang sila at nangangaral sa ibang tao ng tungkol dito, at pagkaraan ay humihinto na sila doon. Sila mismo ay hindi

tumatanggap sa katotohanan, at sa ganitong paraan, hindi nila magawang lutasin ang kanilang mga negatibong kalagayan, ang kanilang mga kahinaan, ang kanilang pagiging mapanghimagsik, ang kanilang mga maling kuro-kuro, at ang kanilang mga reklamo. Kaya, sa gayon, ano ang pinakamabisang paraan upang lutasin ang mga suliraning dulot ng pagiging negatibo at pag-urong at pagpapabaya nila sa sarili tungo sa kawalang-pag-asa? (Ang pagtanggap sa katotohanan.) Ito ay ang pagtanggap sa katotohanan batay sa iyong pagkaunawa rito, at pagkatapos ay ang pagpasok sa katotohanang realidad. Madali itong sabihin, subalit pagkapasok dito, nakakaharap ang mga paghihirap, at ito ang nagpapahirap sa pagpasok. Kaya dapat na tunay mong nauunawaan kung ano ang katotohanan. Kung lagi mong iniisip na nauunawaan mo, ngunit hindi mo nagagawang lutasin ang iyong mga paghihirap, pinatutunayan nito, sa gayon, na hindi mo naunawaan ang katotohanan. Batay sa mga doktrinang nauunawaan mo, kung itinuturing mo ang mga ito bilang katotohanan at sinusukat ang iyong sarili batay sa mga ito, at isinasagawa ang mga ito, malulunasan ang iyong mga paghihirap; hindi ito magiging suliranin kahit na ikaw ay negatibo o mahina, at hindi ka mawawalan ng pag-asa o hihinto. Ito mismo ang paraan ng pagbibigay-lunas sa pagiging negatibo.

Hinango mula sa “Makakaya Lamang ng Mga Tao na Maging Totoong Masaya sa Pamamagitan ng Pagiging Matapat” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang ilang mga tao ay nasa gitna ng pagka-negatibo, subalit napapanatili pa rin nila ang pag-uugali ng “matapat sa Diyos hanggang wakas, anuman ang kinalabasan” sa kanilang tungkulin. Sinasabi ko na ito ay pagbabago, datapwat kayo mismo ay hindi nakatatalos nito. Sa totoo lang, kung maingat ninyong susuriin ang inyong sarili, makikita mo na ang isang bahagi ng iyong tiwaling disposisyon ay nagbago na; gayunpaman, kapag patuloy mong ginagamit ang pinakamataas na mga pamantayan upang sukatin ang iyong sarili, hindi lamang na hindi mo makakayanang marating ang ganoong mataas na pamantayan, subalit pati na rin ang mga

pagbabago na nagawa mo sa iyong sarili ay mapapawalang-saysay–ito ay isang pagkakamali ng tao. Kung talagang isa kang tao na nakapagsasabi kung ano ang tama sa mali, sa gayon hindi makasasama kung gagawin mo ang iyong sarili na may kamalayan sa mga pagbabago sa loob ng iyong sarili; hindi lamang na makikita mo ang iyong sariling mga pagbabago, ngunit higit sa lahat maaari mong matagpuan ang landas sa harap mo na dapat mong isagawa; sa panahong iyon makikita mo na habang ikaw ay masipag, mayroon ka pa ring pag-asa; hindi ka hindi na matutubos. Ngayon na mismo sinasabi ko sa iyo: Yaong maaaring makatingin ng tama sa kanilang mga problema ay may pag-asa; makakalabas sila mula sa pagka-negatibo.

Ang dahilan kung bakit isinusuko mo ang katotohanan ay sapagkat iniisip mo na ikaw ay hindi na kayang iligtas, kaya isinusuko mo kahit na ang pinakapangunahing mga katotohanan. Marahil hindi na hindi mo maaaring isagawa ang katotohanan, ngunit sa halip ay isinusuko mo ang mga pagkakataon na isagawa ang katotohanan; kung isusuko mo ang katotohanan, maaari ka pa bang magbago? Kung isusuko mo ang katotohanan sa gayon nasaan ang kahulugan ng iyong paniniwala sa Diyos? Hindi ba't nasabi na, "Ito ay tama kahit na kailan hanapin ang pagbabago sa disposisyon"? Nakalimutan mo na ba ito? Naaalala ninyo na napakakaunti lamang ang maliligtas, at nararamdaman na kayo ay walang pag-asa. Kung wala kayong isang positibong pagtugis, hindi ba lilitaw ang negatibong mga bagay? Paano sa gayon kayo maaaring hindi maging negatibo? Kaya sinasabi ko pa rin sa iyo: Dapat mong tingnan nang tama ang iyong sarili, at huwag isuko ang katotohanan.

Hinango mula sa "Tingnan nang Tama ang Iyong Sarili at Huwag Isuko ang Katotohanan" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

55. Ang mga Prinsipyo ng Pagsawata sa mga Kalokohan

(1) Pagtuunan ang pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos at paghahanap sa katotohanan, at huwag subukang ipaliwanag ang mga salita ng Diyos batay sa iyong pag-iisip o imahinasyon, kundi pagtuunan

ang pagsasagawa, pagdanas, at pag-unawa sa mga ito;

(2) Kapag kumakain at umiinom ka ng mga salita ng Diyos, paigtingin mo ang iyong pagsisikap na hanapin at pagnilayan ang aktuwal na kahulugan ng mga ito. Huwag mong busisiin ang mga ito o alisin sa konteksto, kundi unawain ang Kanyang kalooban sa pagsasalita ng mga ito;

(3) Dapat madalas na makipagbahagian ang isang tao sa mga taong may dalisay na pagkaunawa sa katotohanan. Saka lamang maiaalis ng isang tao sa kanyang sarili ang mga kalokohan at maling palagay, at makararating sa isang dalisay na pagkaunawa at kaalaman;

(4) Magpasakop sa pagpapastol at pagdidilig ng taong kinakasangkapan ng Banal na Espiritu. Makarating sa isang dalisay na pagkaunawa sa katotohanan, at matutuhang magpasakop dito. Saka lamang maitutuwid ang mga maling palagay at mga kalokohan.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang mga salitang sinasabi Ko ay mga katotohanang nakatuon sa buong sangkatauhan; hindi lamang sila tumutukoy sa isang tiyak na tao o uri ng tao. Samakatuwid, dapat ninyong tutukan ang pag-intindi sa mga salita Ko mula sa pananaw ng katotohanan, at dapat magkaroon ng saloobin ng ganap na pagkakatuon at katapatan; huwag ninyong balewalain ang isa mang salita o katotohanang sinasabi Ko, at huwag tratuhin nang basta-basta ang lahat ng mga salitang sinasabi Ko.

Hinango mula sa “Tatlong Paalaala” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa Aking mga salita, mayroong mga hiwagang di-mauunawaan ng tao. Tanging iyong mga minamahal Ko ang makapagpapahayag sa Akin, at wala nang iba; pinagpasyahan Ko ito, at walang makababago nito. Mayaman, malawak, at di-maarok ang Aking mga salita. Dapat gumugol ang lahat ng matinding pagsisikap sa Aking mga salita, sikaping magnilay-nilay sa mga ito nang madalas, at huwag magtanggal ni isang salita o pangungusap, kung hindi, gagawa ang mga tao na nakabatay sa kamalian, at mali ang magiging pagkaunawa sa Aking mga salita.

Hinango mula sa “Kabanata 119” ng Mga Pagbigkas ni Cristo sa Pasimula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang makarating sa tunay na pagkaunawa ng mga salita ng Diyos ay hindi simpleng bagay. Huwag kang mag-isip nang ganito: “Naipapaliwanag ko ang literal na kahulugan ng mga salita ng Diyos, at sinasabi ng lahat na magaling ang aking pagpapaliwanag, at sinasang-ayunan nila ako, kaya ibig sabihin nito ay nauunawaan ko ang mga salita ng Diyos.” Hindi ito kapareho ng pag-unawa sa mga salita ng Diyos. Kung nakatamo ka na ng kaunting liwanag mula sa mga pagpapahayag ng Diyos, at medyo naunawaan mo na ang tunay na kahulugan ng mga salita Niya; at kung naipapahayag mo ang layunin sa likod ng mga salita Niya at kung ano ang ibubunga ng mga ito sa huli, sa sandaling malinaw mo nang maunawaan ang lahat ng ito, maituturing ka nang nagtataglay ng kaunting pagkaunawa sa mga salita ng Diyos. Kaya, hindi ganoon kasimple ang maunawaan ang mga salita ng Diyos. Hindi dahil nakapagbibigay ka ng mabulaklak na paliwanag sa literal na kahulugan ng mga salita ng Diyos ay nangangahulugang nauunawaan mo ang mga ito. Gaano mo man maipaliliwanag ang literal na kahulugan ng mga ito, nakabatay pa rin ang iyong paliwanag sa guni-guni at paraan ng pag-iisip ng tao. Walang silbi ito! Paano mo mauunawaan ang mga salita ng Diyos? Ang susi ay hanapin ang katotohanang nakapaloob sa mga iyon; sa gayong paraan mo lamang tunay na mauunawaan ang Kanyang sinasabi. Tuwing nagsasalita ang Diyos, tiyak na hindi Siya nagsasalita sa pangkalahatan lamang. Bawa’t pangungusap na binibigkas Niya ay naglalaman ng mga detalyeng tiyak na ihahayag pa sa mga salita ng Diyos, at maaaring maipahayag ang mga ito sa ibang paraan. Hindi maaarok ng tao ang mga paraan ng pagpapahayag ng Diyos ng katotohanan. Ang mga pagbigkas ng Diyos ay napakalalim at hindi maaarok gamit ang paraan ng pag-iisip ng tao. Maaaring matuklasan ng mga tao ang buong kahulugan ng bawa’t aspeto ng katotohanan hangga’t pinagsisikapan nila; kung gagawin mo ito, kung gayon habang nararanasan mo ang mga ito, ang mga detalyeng natitira ay mapupunan

nang lubusan habang nililiwanagan ka ng Banal na Espiritu, sa gayo'y binibigyan ka ng pagkaunawa tungkol sa tunay na mga katayuang ito. Ang isang bahagi ay pag-unawa sa mga salita ng Diyos at paghahanap sa partikular na nilalaman ng mga ito sa pamamagitan ng pagbasa sa mga ito. Ang isa pang bahagi ay pag-unawa sa mga kahulugan ng mga salita ng Diyos sa pamamagitan ng pagdanas sa mga ito at pagtatamo ng kaliwanagan mula sa Banal na Espiritu. Sa dalawang paraang ito makakamtan una sa lahat ang tunay na pagkaunawa sa mga salita ng Diyos. Kung binibigyang-kahulugan mo ang Kanyang mga salita nang literal o inaaninag sa pamamagitan ng lente ng iyong sariling pag-iisip o imahinasyon, kung gayon ang iyong pagkaunawa tungkol sa mga salita ng Diyos ay hindi tunay kahit gaano kahusay mong nabibigyang-kahulugan ang mga ito. Maaari mo pa ngang makuha ang kanilang kahulugan nang wala sa konteksto at magkamali ng pakahulugan sa mga ito, at ang paggawa nang ganoon ay higit pa ngang nagsasanhi ng kaguluhan. Kaya, ang katotohanan ay pangunahing nakukuha sa pamamagitan ng pagtanggap ng pagliliwanag mula sa Banal na Espiritu sa pamamagitan ng pagtatamo ng kaalaman tungkol sa mga salita ng Diyos. Ang pag-unawa sa literal na kahulugan ng Kanyang mga salita o kakayanang ipaliwanag ang mga ito ay hindi ibinibilang na pagkakamit na ng katotohanan. Kung kailangan mo lamang bigyang-kahulugan ang literal na kahulugan ng Kanyang mga salita, ano kung gayon ang silbi ng pagliliwanag ng Banal na Espiritu? Kung magkagayon kakailanganin mo lamang magkaroon ng partikular na antas ng edukasyon, at ang mga di-nakapag-aral ay malalagay na lahat sa alanganin. Ang gawain ng Diyos ay hindi isang bagay na naaabot ng utak ng tao. Ang tunay na pagkaunawa sa mga salita ng Diyos ay pangunahing nakadepende sa pagkakaroon ng kaliwanagan mula sa Banal na Espiritu; ganyan ang proseso ng pagkamit ng katotohanan.

Hinango mula sa "Paano Malalaman ang Kalikasan ng Tao" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang mga pinakamahalagang bahagi ng pag-unawa sa katotohahang napapaloob sa salita ng Diyos ay ang pag-unawa sa Diyos sa loob ng salita Niya, pag-unawa sa buhay ng taong napapaloob sa salita Niya, pag-unawa sa lahat ng aspeto ng katotohanang napapaloob sa salita Niya, tunay na pag-unawa sa sarili, at pagtuklas sa kahulugan ng pag-iral ng sangkatauhan sa loob ng salita ng Diyos. Lahat ng katotohanan ay napapaloob sa salita ng Diyos. Hindi mo mapapasok ang katotohanan maliban kung ginawa ito sa pamamagitan ng salita ng Diyos. Ang pangunahing kalalabasang kailangan mong maabot ay ang malaman kung ano ang tunay na pag-unawa sa salita ng Diyos. Sa tunay na pag-unawa sa salita ng Diyos, mauunawaan mo ang katotohanan: Ito ang pinakapangunahin. Ang ilang tao'y gumagawa at nangangaral at, bagaman sa ibabaw mukhang sila'y nagbabahagi ng salita ng Diyos, ang tanging sinasalita nila ay tungkol sa literal na kahulugan ng salita ng Diyos, walang binabanggit na may nilalaman. Ang kanilang mga sermon ay parang pagtuturo mula sa isang tekstong-aklat ng wika, na nakaayos batay sa aytem, aspeto, at kapag tapos na sila umaawit ng mga papuri ang lahat, sinasabing: "Ang taong ito'y mayroong realidad. Napakahusay nilang mangaral at napaka-detalyado." Matapos silang mangaral, sinasabihan nila ang iba na pagsama-samahin ang lahat ng ito at ipadala sa lahat. Ang kanilang pagkilos ay nagiging panlilinlang ng iba at ang tanging ipinangangaral nila ay mga kabulaanan. Sa ibabaw, mukhang salita lamang ng Diyos ang ipinangangaral nila at mukhang kaayon ito sa katotohanan. Nguni't sa maingat na pagtalos, makikita mong walang iba kundi mga titik at doktrina at huwad na pangangatwiran kasama ng ilang guni-guni at pagkaunawa ng tao gayundin ay ilang bahagi na naglilimita sa Diyos. Hindi ba ang ganitong uri ng pangangaral ay isang paggambala sa gawain ng Diyos? Ito'y paglilingkod na sumasalungat sa Diyos.

Hinango mula sa "Sa Pamamagitan Lamang ng Paghahabol sa Katotohanan Nakakamit ng Isang Tao ang Pagbabago sa Disposisyon" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sa nakalipas, napakaraming paglihis at maging mga kahangalan sa

mga paraan ng pagdanas ng mga tao. Hindi nila talaga naunawaan ang mga pamantayan ng mga hinihingi ng Diyos, kaya maraming lugar kung saan ang mga karanasan ng mga tao ay napalihis. Ang hinihingi ng Diyos sa tao ay ang magawa nilang magsabuhay ng normal na pagkatao. Halimbawa, ayos lang na sumunod ang mga tao sa mga makabagong kaugalian na may kaugnayan sa pagkain at pananamit, na magsuot ng amerikana at kurbata, na matuto nang kaunti tungkol sa makabagong sining, at sa kanilang libreng oras maaari silang masiyahan sa sining, kultura at libangan. Maaari silang kumuha ng ilang di-malilimutang larawan, maaari silang magbasa at magkamit ng ilang kapaki-pakinabang na kaalaman, at magkaroon ng isang medyo magandang kapaligiran para mabuhay. Ito ang lahat ng bagay na naaangkop sa buhay ng normal na pagkatao, gayunma'y itinuturing ang mga ito ng mga tao bilang mga bagay na kinamumuhian ng Diyos at pinipigilan nila ang kanilang mga sarili na gawin ang mga ito. Ang kanilang pagsasagawa ay binubuo lamang ng pagsunod sa ilang patakaran, na nagdudulot ng isang buhay na kasing-tamlay ng tubig-kanal at ganap na walang kahulugan. Sa katunayan, hindi kailanman hiniling ng Diyos na ganito ang gawin ng mga tao. Ninanais ng lahat ng tao na bawasan ang kanilang sariling mga disposisyon, nananalangin nang walang tigil sa kanilang mga espiritu na maging mas malapit sa Diyos, ang kanilang mga isipan ay palaging nagninilay kung ano ang binabalak ng Diyos, ang kanilang mga mata ay palaging nagmamasid sa ganito at sa ganyan, na may malaking takot na ang kanilang kaugnayan sa Diyos ay mapuputol. Ang lahat ng ito ay mga konklusyong ginawa ng mga tao mismo; ang mga ito ay ang mga patakarang itinakda ng mga tao para sa kanilang mga sarili. Kung hindi mo kilala ang iyong sariling kalikasan at diwa at hindi mo nauunawaan kung anong antas ang maaabot ng iyong sariling pagsasagawa, wala kang magiging paraan para matiyak kung ano ang eksatong mga pamantayan na hinihingi ng Diyos sa tao, at ni magkakaroon ka man ng tumpak na landas ng pagsasagawa. Dahil hindi mo kayang maunawaan kung ano ang eksaktong hinihingi ng Diyos sa tao, ang iyong isip ay palaging nababalisa, at matamang nag-iisip sa pagsusuri

ng mga intensyon ng Diyos at nag-aapuhap sa paghahanap ng ilang paraan kung paano maantig at maliwanagan ng Banal na Espiritu. Bilang resulta, nalilinang mo ang ilang paraan ng pagsasagawa na pinaniniwalaan mong naaangkop. Wala ka talagang ideya kung ano ang eksaktong hinihingi ng Diyos sa tao; basta isinasakatuparan mo lamang ang iyong sariling kalipunan ng mga pagsasagawa, walang masyadong pakialam sa kalalabasan at lalo na sa kung may mga paglihis o mga pagkakamali man sa iyong pagsasagawa. Sa ganitong paraan, ang iyong pagsasagawa ay likas na kulang sa katumpakan at walang prinsipyo. Ang partikular na kulang dito ay ang normal na katwiran at konsiyensya ng tao, gayundin ang papuri ng Diyos at ang pagpapatunay ng Banal na Espiritu. Nagiging ganap na masyadong madaling tahakin na lamang ang iyong sariling landas. Ang ganitong uri ng pagsasagawa ay sumusunod lamang sa mga patakaran o kusang kumukuha ng higit na pasanin upang higpitan ang iyong sarili at kontrolin ang iyong sarili. Gayunma'y iyong iniisip na tumpak at tiyak ang iyong pagsasagawa, nang hindi nalalaman na ang nakararami sa iyong pagsasagawa ay di-kailangang mga proseso o mga pagdiriwang. Marami ang nagsasagawa na kagaya nito sa loob ng maraming taon na wala man lang pagbabago sa kanilang mga disposisyon, walang bagong pagkaunawa, at walang bagong pagpasok. Hindi namamalayan na muli nilang ginagawa ang parehong mga pagkakamali noon at nililinang nang husto ang kanilang mababangis na kalikasan, maging hanggang sa punto na maraming beses silang gumagawa ng di-makatwiran, di-makataong mga pagkilos, at kumikilos sa mga paraang nag-iiwan sa mga tao na naguguluhan at lubos na nalilito. Ang ganoong uri ba ng mga tao ay masasabing dumanas na ng pagbabago sa disposisyon?

Hinango mula sa "Pagsasagawa (1)" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Habang naghahanap ng pagpasok, dapat siyasatin ang bawat bagay. Dapat lubusang mapag-isipan ang lahat ng bagay ayon sa salita ng Diyos at sa katotohanan upang alam mo kung paano pangasiwaan ang mga ito sa isang paraan na buong-buong tumutugma sa kalooban ng Diyos. Ang

mga bagay na nagmumula sa iyong sariling kalooban ay maiiwanan na kung gayon. Malalaman mo kung paano gawin ang mga bagay ayon sa kalooban ng Diyos, at pagkatapos ay gagawin ang mga iyon; mararamdaman mong para bang ang lahat ng bagay ay nangyayari nang natural, at magiging para bang napakadali. Ganito kung paano ginagawa ng mga taong nagtataglay ng katotohanan ang mga bagay-bagay. Pagkatapos ay talagang maipapakita mo na sa iba na ang iyong disposisyon ay nagbago na, at makikita nilang nakagawa ka na nga talaga ng ilang mabubuting gawa, na ginagawa mo ang mga bagay ayon sa prinsipyo, at na ginagawa mo nang tama ang lahat ng bagay. Ito ay isang taong nauunawaan ang katotohanan at talagang mayroon ngang kaunting wangis ng tao. Tiyak na tiyak, ang salita ng Diyos ay nagbunga ng mga resulta sa mga tao. Sa sandaling tunay nang naunawaan ng mga tao ang katotohanan, nahihiwatigan nila ang katayuan ng kanilang kabuuan bilang tao, nakikita ang kailaliman ng mga kumplikadong bagay, at nalalaman ang angkop na paraan ng pagsasagawa. Kung hindi mo nauunawaan ang katotohanan, hindi mo magagawang mahiwatigan ang katayuan ng iyong kabuuan bilang tao. Nanaisin mong maghimagsik laban sa iyong sarili nguni’t wala kang ideya kung paano gawin ito o kung ano ang ipinaghihimagsik mo. Nanaisin mong talikuran ang iyong sariling kalooban, nguni’t kung iniisip mo na naaayon sa katotohanan ang iyong sariling kalooban, paano mo matatalikuran iyon? Maaari mo pa ngang isipin na nililiwanagan iyon ng Banal na Espiritu, at ikaw sa gayon ay tatangging talikuran iyon anuman ang mangyari. Sa gayon, kapag hindi taglay ng mga tao ang katotohanan, malamang na isipin nila na anuman ang kalabasan ng kanilang sariling kagustuhan, ang kanilang mga karumihan bilang tao at mabubuting hangarin, ang kanilang litong pagmamahal at mga pagsasagawa bilang tao ay tama, at na ang mga ito ay naaayon sa katotohanan. Kung gayon ay paano ka makapaghihimagsik laban sa mga bagay na ito? Kung hindi mo nauunawaan ang katotohanan o nalalaman ang kahulugan ng isagawa ang katotohanan, at kung nalalabuan ang iyong mga mata at wala kang ideya kung saan babaling at samakatuwid ay

nagagawa mo lamang ang mga bagay-bagay batay sa kung ano ang inaakala mong tama, kung gayon makagagawa ka ng ilang pagkilos na wala sa lugar at mali. Ilan sa mga pagkilos na ito ay makakasunod sa mga panuntunan, ang ilan ay magmumula sa kasigasigan, at ang ilan ay nagmula kay Satanas at magsasanhi ng mga kaguluhan. Ang mga taong hindi nagtataglay ng katotohanan ay kumikilos nang ganito: kaunting pakaliwa, at saka kaunting pakanan; tama sa isang minuto, at saka lihis sa sumunod; ni wala man lang katumpakan. Mayroong kakatwang pananaw sa mga bagay-bagay ang mga hindi nagtataglay ng katotohanan. Kung gayon, paano nila mapapangasiwaan nang wasto ang mga bagay-bagay? Paano nila malulutas ang anumang mga problema? Ang pag-unawa sa katotohanan ay hindi madaling gawin. Ang magawang unawain ang mga salita ng Diyos ay depende sa pag-unawa sa katotohanan, at ang katotohanang kayang unawain ng mga tao ay may mga limitasyon. Magiging limitado pa rin ang kanilang pagkaunawa sa mga salita ng Diyos kahit buong buhay na silang naniniwala sa Kanya. Kahit yaong mga medyo bihasa na, sa abot ng kakayahan, ay nakakarating kung saan nakakatigil sila sa paggawa ng mga bagay-bagay na malinaw na lumalaban sa Diyos, nakakatigil sa paggawa ng mga bagay-bagay na malinaw na masasama, at nakakatigil sa paggawa ng mga bagay-bagay na walang pakinabang kaninuman. Imposibleng marating nila ang isang katayuan na walang kahalong sarili nilang kalooban. Ito ay dahil normal ang mga iniisip ng mga tao, at ang ilan sa kanilang iniisip ay umaayon sa mga salita ng Diyos at nabibilang sa isang aspeto ng pag-unawa na hindi nauuri bilang sariling kalooban. Gayunman, ang susi ay mahiwatigan ang mga bahagi ng sariling kalooban na taliwas sa mga salita ng Diyos, laban sa katotohanan, at laban sa kaliwanagan mula sa Banal na Espiritu. Samakatuwid ay kailangan mong pagsikapang alamin ang mga salita ng Diyos, at sa pag-unawa sa katotohanan ka lamang magkakaroon ng paghiwatig.

Hinango mula sa “Sa Pamamagitan Lamang ng Paghahabol sa Katotohanan Nakakamit ng Isang Tao ang Pagbabago sa Disposisyon” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

56. Ang mga Prinsipyo ng Pagtutuwid sa mga Kuru-kuro at Imahinasyon

(1) Kinakailangang pagtibayin na ang Diyos lamang ang katotohanan, na ang katotohanan ay galing sa Kanyang mga salita, at na gaano man kabuti ang mga kuru-kuro at imahinasyon ng tao, ang mga ito ay nananatiling walang iba kundi mga hungkag na doktrina;

(2) Hinding-hindi nakaayon ang mga kuru-kuro at imahinasyon ng tao sa mga salita ng Diyos, at hindi kaayon ang mga ito sa diwa ng katotohanan. Hindi maliligtas ang isang taong namumuhay nang ayon sa mga ito;

(3) Ang katotohanan ang tanging kalaban ng mga kuru-kuro. Dapat magbasa pa ng mga salita ng Diyos ang isang tao at hanapin ang katotohanan; saka lamang lubusang maitutuwid ang mga pantaong kuru-kuro at imahinasyon ng isang tao.

(4) Kinakailangang isagawa at maranasan ang mga salita ng Diyos, at maunawaan ang katotohanan at tunay na makilala ang Diyos. Saka lamang ganap na matatanggal ang mga pantaong kuru-kuro at imahinasyon ng isang tao.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang Diyos Mismo ay buhay, at ang katotohanan, at sabay na umiiral ang Kanyang buhay at katotohanan. Yaong mga walang kakayahang makamit ang katotohanan ay hindi kailanman makakamit ang buhay. Kung wala ang patnubay, pag-alalay, at paglaan ng katotohanan, ang tanging makakamit mo lamang ay mga titik, mga doktrina, at, higit sa lahat, kamatayan. Laging naririyan ang buhay ng Diyos, at umiiral nang sabay ang Kanyang katotohanan at buhay. Kung hindi mo matatagpuan ang pinagmulan ng katotohanan, kung gayon hindi mo makakamit ang pampalusog ng buhay; kung hindi mo makakamit ang panustos ng buhay, kung gayon tiyak na hindi ka magkakaroon ng katotohanan, at sa gayon bukod sa mga guni-guni at mga pagkaintindi, magiging walang iba ang kabuuan ng katawan mo kundi ang laman mo—ang umaalingasaw mong laman. Alamin mong hindi itinuturing na buhay ang mga salita ng mga

aklat, hindi maaaring ipagdiwang na katotohanan ang mga talaan ng kasaysayan, at hindi maaaring magsilbing isang ulat ng mga salitang sinasabi ng Diyos sa kasalukuyan ang mga tuntunin ng mga nakalipas na panahon. Tanging ang mga inihahayag lamang ng Diyos kapag pumarito Siya sa lupa at namumuhay kasama ng tao ay ang katotohanan, ang buhay, ang kalooban ng Diyos, at ang Kanyang kasalukuyang paraan ng paggawa.

Hinango mula sa “Tanging si Cristo ng mga Huling Araw ang Makapagbibigay sa Tao ng Daan ng Buhay na Walang Hanggan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang mga kuro-kuro ng mga tao ay dapat na malutas gamit ang katotohanan; hindi sila maaaring basta-basta isantabi sa isang solusyon na gawa ng tao—hindi iyon ganoon kadali. Walang pangako sa matuwid na usapin ang mga tao, sa halip ay nananagot sa pagkapit sa mga kuro-kuro o salungat at walang kabuluhang mga bagay, na nahihirapan silang isantabi. Ano ang sanhi nito? Ito ay dahil mayroon silang satanikong tiwaling disposisyon. Malaki man o maliit ang kuro-kuro ng mg tao, seryoso o hindi, kung wala silang tiwaling disposisyon, madaling malutas ang mga kuro-kurong ito. Ang mga kuro-kuro, sa huli, ay paraan lamang ng pag-iisip. Ngunit dahil sa mga tiwaling disposisyon ng mga tao, tulad ng katigasan, kasamaan at kayabangan, ang mga kuru-kuro ay nagiging mitsa na nagiging sanhi lumaban ang mga tao, magkaron ng maling interpretasyon, at pati ang magpasa ng paghatol sa Diyos. Maaaring hindi nila ito sabihin, ngunit ipinapakita ng kanilang pag-uugali na lumalaban sila at hindi tinatanggap ang iyong pananaw. Pinamamahalaan ng tiwaling disposisyon, kumakapit sila sa kanilang mga kuru-kuro—sanhi ito ng kanilang disposisyon. At sa gayon, habang nalulutas ang mga kuru-kuro, gayundin ang mga tiwaling disposisyon ng mga tao. Kung ang mga tiwaling disposisyon ng mga tao ay malutas, marami sa kanilang hind pa ganap, parang batang mga saloobin kung gayon—kahit na ang mga kuru-kurong nabuo na—ay hindi isyu para sa kanila; ang mga ito ay naiisip lamang, at hindi nakakaapekto sa pagganap ng iyong tungkulin, o ang iyong pagsunod

sa Diyos. Ang mga kuru-kuro at mga tiwaling disposisyon ay magkaugnay. Minsan ang isang kuru-kuro ay nasa puso mo, ngunit hindi nito ididirekta ang iyong mga pagkilos. Kapag hindi ito lumalabag sa iyong mga agarang interes, hindi mo ito pinapansin. Ang hindi pagpansin dito, gayunpaman, ay hindi nangangahulugang walang tiwaling disposisyon sa loob ng iyong kuro-kuro, at kapag may mangyari na salungat sa iyong mga kuru-kuro, kumakapit ka sa kanila nang may partikular na pag-uugali, isang ugaling pinangungunahan ng iyong disposisyon. Ang disposisyong ito ay maaaring maging katigasan, maaari itong maging kayabangan, at maaari itong maging kabastusan; nagmamalaki ka sa Diyos, sinasabing, "Ang aking pananaw ay pinagtibay nang maraming beses sa akademiko. Ang mga tao ay kumapit sa ganoong pananaw sa loob ng libu-libong taon, kaya bakit hindi ko ito gagawin? Kung hindi Ka tama, paano Mo pa rin nasasabi na ito ang katotohanan, at nakahihigit sa lahat? Ang aking pananaw ay ang pinakamataas sa lahat ng sangkatauhan!" Ang isang kuru-kuro ay maaaring magdala sa iyo sa pag-uugali tulad nito, sa naturang pamumula. Ano ang sanhi nito? Ito ay sanhi ng mga tiwaling disposisyon. Ang ugnayan sa pagitan ng mga kuro-kuro at mga tiwaling disposisyon ng mga tao ay malawak, at dapat malutas ang kanilang mga kuru-kuro. Sa sandaling maharap ang mga pahiwatig ng mga tao tungkol sa pananampalataya sa Diyos, nagiging madali para sa kanila na magpasakop sa mga kaayusan sa trabaho ng bahay ng Diyos, at sa gayon nagagampanan nila nang maayos ang kanilang tungkulin, hindi sila naaabala, hindi sila nakikialam o nakagagambala, at hindi sila gumawa ng anumang bagay na nagdudulot ng kahihiyan sa Diyos.

Hinango mula sa "Sa pamamagitan lamang ng Paglutas ng mga Kuro-kuro Maaaring Makapasok sa Tamang Landas ng Paniniwala sa Diyos (1)" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Naniwala kayo sa Diyos sa lahat ng mga taon, at kahit nauunawaan ninyo ang ilang katotohanan, sa loob ng bawat isa sa inyo ay ang sarili ninyong pagpapakahulugan, paniniwala, at guniguni—at lumalabag at

sumasalungat ang lahat ng ito sa mga hangarin ng Diyos at ng katotohanan. Ang mga bagay na ito ay kurokuro ng mga tao. Lahat ng bagay na salungat sa katotohanan ay pag-aari ng mga kuru-kuro at palagay ng tao. Kaya paano nagkaroon ng mga kuru-kuro ng tao? Maraming iba't ibang sanhi. Bahagi nito ay ang pagpapakalat at pagtatanim ng kaalaman; gayun din, mayroon kumakalat na impluwensya ng tradisyonal na kultura at ang epekto ng mga uso sa lipunan at ilang mga pangaral ng pamilya. Sa pangkalahatan, naimpluwensyahan at naturuan ang tao ng masamang lipunan ni Satanas; ito ang pangunahing sanhi ng kanyang mga kuro-kuro.

Hinango mula sa "Sa pamamagitan lamang ng Paglutas ng mga Kuro-kuro Maaaring Makapasok sa Tamang Landas ng Paniniwala sa Diyos (1)" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sapagkat palaging mayroong mga bagong pagsulong sa gawain ng Diyos, may gawaing nagiging lipas na at luma sa pag-usbong ng bagong gawain. Ang magkakaibang uring ito ng gawain, luma at bago, ay hindi magkakasalungat, kundi magkakatugma; ang bawat hakbang ay sumusunod sa nauna. Sapagkat may bagong gawain, mangyari pa, dapat alisin ang mga lumang bagay. Halimbawa, ang ilan sa mga matatagal nang itinatag na pagsasagawa at nakaugaliang mga kasabihan ng tao, kaakibat ng maraming taong karanasan at mga aral ng tao, ay bumuo ng lahat ng uri at anyo ng mga palagay sa isip ng tao. Na hindi pa ganap na ibinubunyag ng Diyos ang tunay Niyang mukha at likas na disposisyon sa tao, kasama ng pagkalat, sa loob ng maraming taon, ng mga tradisyunal na teorya mula sa mga sinaunang panahon ay hindi pa mas nababagay sa pagbuo ng tao ng ganitong mga palagay. Maaaring sabihin na, sa buong panahon ng paniniwala ng tao sa Diyos, ang impluwensya ng iba't ibang palagay ay humantong sa patuloy na pagkabuo at ebolusyon ng lahat ng mga uri ng mga kuro-kurong pagkaunawa ng mga tao sa Diyos, na nagdulot sa maraming relihiyosong taong naglilingkod sa Diyos na maging kaaway Niya. Kaya, habang mas lumalakas ang mga pagkaunawang

pangrelihiyon ng mga tao, mas lalo nilang sinasalungat ang Diyos, at mas lalo silang mga kaaway ng Diyos. Palaging bago at hindi kailanman luma ang gawain ng Diyos; hindi ito kailanman bumubuo ng doktrina, sa halip ay patuloy na nagbabago at pinananariwa sa mas malaki o sa mas maliit na saklaw. Ang paggawa sa paraang ito ay isang pagpapahayag ng likas na disposisyon ng Diyos Mismo. Ito rin ang likas na prinsipyo ng gawain ng Diyos, at isa sa mga paraan kung paano nagagawa ng Diyos ang pamamahala Niya. Kung hindi gumawa ang Diyos sa ganitong paraan, hindi magbabago ang tao o magagawang makilala ang Diyos, at hindi matatalo si Satanas. Kaya naman, sa gawain Niya, patuloy na nangyayari ang mga pagbabago na mukhang paiba-iba, ngunit sa katotohanan ay pana-panahon. Subalit, ang paraan kung paano naniniwala ang tao sa Diyos ay lubos na naiiba. Kumakapit siya sa luma at pamilyar na mga doktrina at mga kaparaanan, at habang mas luma ang mga ito, mas kasiya-siya ang mga ito sa kanya. Paanong tatanggapin ng hangal na isip ng tao, na isang isip na kasintigas ng bato, ang napakaraming di-maarok na bagong gawain at mga salita ng Diyos? Kinasusuklaman ng tao ang Diyos na laging bago at hindi kailanman luma; ang gusto niya lamang ay ang lumang Diyos, na matanda na, puti ang buhok, at hindi umaalis sa lugar. Kaya naman, sapagkat may kanya-kaniyang mga gusto ang Diyos at ang tao, naging kaaway ng Diyos ang tao. Umiiral pa rin ang marami sa mga pagkakasalungatang ito kahit ngayon, sa panahong gumagawa na ng bagong gawain ang Diyos sa loob ng halos anim na libong taon. Kung gayon, hindi na malulunasan ang mga ito. Marahil dahil ito sa katigasan ng ulo ng tao, o ang pagiging hindi nalalabag ninuman ng mga atas administratibo ng Diyos—ngunit kumakapit pa rin sa mga inaamag na lumang libro at mga papel yaong mga lalaki at babaeng pastor, habang nagpapatuloy ang Diyos sa hindi pa nakukumpletong gawain Niya ng pamamahala, na parang wala Siyang kasama sa tabi Niya. Bagaman ang mga pagkakasalungatang ito ay ginagawang magkaaway ang Diyos at ang tao, at ni hindi pa maaaring lutasin, hindi binibigyang pansin ng Diyos ang mga ito, na para bang sabay silang nandoon at wala roon. Gayunman,

nananatili pa rin ang tao sa mga paniniwala at mga palagay niya, at hindi kailanman binibitawan ang mga ito. Subalit isang bagay ang maliwanag: Bagamat hindi lumilihis ang tao sa paninindigan niya, palaging gumagalaw ang mga paa ng Diyos, at palagi Niyang binabago ang paninindigan Niya ayon sa kapaligiran. Sa huli, ang tao ang siyang matatalo nang walang laban. Ang Diyos, samantala, ay ang pinakamatinding kaaway ng lahat ng mga kalabang tinalo Niya, at Siya rin ang kampeon ng sangkatauhan, ng parehong natalo at hindi natalo. Sino ang maaaring makipagpaligsahan sa Diyos at maging matagumpay? Tila mula sa Diyos ang mga palagay ng tao sapagkat nabuo ang marami sa mga ito kasunod ng gawain ng Diyos. Gayunman, hindi pinapatawad ng Diyos ang tao dahil dito, at, bukod dito, hindi rin Siya nagbubuhos ng papuri sa tao sa paggawa ng mga bungkos ng mga produktong “para sa Diyos” kasunod ng gawain Niya, na nasa labas ng gawain Niya. Sa halip, labis Siyang nasusuklam sa mga palagay at mga luma at relihiyosong paniniwala ng tao, at hindi man lamang naiisip na kilalanin ang petsa kung kailan unang lumitaw ang mga palagay na ito. Hindi Niya tinatanggap ni katiting na dulot ng gawain Niya ang mga palagay na ito, sapagkat ang mga palagay ng tao ay ipinalalaganap ng tao; ang pinagmulan ng mga ito ay ang mga saloobin at isip ng tao—hindi ng Diyos, kundi ni Satanas. Ang layunin ng Diyos ay palaging para ang gawain Niya ay maging bago at buhay, hindi luma at patay, at kung ano ang pinasusunod Niya sa tao ay nag-iiba alinsunod sa kapanahunan at panahon, at hindi walang-hanggan at di-nagbabago. Ito ay dahil isa Siyang Diyos na nagdudulot sa tao na mabuhay at maging bago, sa halip na isang diyablo na nagdudulot sa tao na mamatay at tumanda. Hindi pa rin ba ninyo nauunawaan ito? May mga palagay ka tungkol sa Diyos at wala kang kakayahang bitawan ang mga ito dahil sarado ang isip mo. Hindi ito dahil may napakakaunting katuturan sa gawain ng Diyos, ni dahil humihiwalay ang gawain ng Diyos sa mga pantaong hangarin, ni, bukod dito, dahil sa palaging pabaya ang Diyos sa mga tungkulin Niya. Hindi mo mabitawan ang mga palagay mo dahil masyado kang salat sa pagsunod, at sapagkat wala ka ni katiting na wangis ng isang nilikhang nilalang; hindi ito dahil

ginagawang mahirap ng Diyos ang mga bagay para sa iyo. Ikaw ang nagsanhi ng lahat ng ito, at wala itong kaugnayan sa Diyos; nilikha ng tao ang lahat ng pagdurusa at kasawian. Palaging mabuti ang mga saloobin ng Diyos: Hindi Niya nais na magdulot sa iyo na bumuo ng mga palagay, kundi nagnanais na magbago ka at mapanariwa sa paglipas ng mga kapanahunan. Subalit hindi mo alam kung ano ang mabuti para sa iyo, at palagi kang masusing nagsisiyasat o nagsusuri. Hindi sa ginagawang mahirap ng Diyos ang mga bagay para sa iyo, kundi wala kang paggalang sa Diyos, at napakatindi ng pagsuway mo. Isang maliit na nilikhang nilalang, na nangangahas na kunin ang ilang walang-kuwentang bahagi ng dati nang ibinigay ng Diyos, pagkatapos ay babaling at gagamitin ito upang salakayin ang Diyos—hindi ba ito ang pagsuway ng tao? Patas sabihin na ang mga tao ay lubos na hindi karapat-dapat na magpahayag ng mga pananaw nila sa harap ng Diyos, at lalong hindi sila karapat-dapat na ipangalandakan ang kanilang walang halaga, mabaho, bulok, at mabulaklak na wika nang ayon sa nais nila—bukod pa sa yaong inaamag na mga palagay. Hindi ba sila mas lalo pang walang halaga?

Hinango mula sa “Tanging Yaong mga Nakababatid Lamang ng Gawain ng Diyos Ngayon ang Maaaring Paglingkuran ang Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Dapat ninyong malaman na kinokontra ninyo ang gawain ng Diyos, o ginagamit ninyo ang inyong sariling mga palagay upang sukatin ang gawain ngayon, dahil hindi ninyo alam ang mga prinsipyo ng gawain ng Diyos, at dahil hindi ninyo sineseryoso nang sapat ang gawain ng Banal na Espiritu. Ang inyong pagkontra sa Diyos at paghadlang sa gawain ng Banal na Espiritu ay sanhi ng inyong mga palagay at likas na kayabangan. Hindi ito dahil mali ang gawain ng Diyos, kundi dahil masyado kayong likas na masuwayin. Matapos masumpungan ang kanilang paniniwala sa Diyos, hindi man lamang masabi ng ilang tao nang may katiyakan kung saan nanggaling ang tao, subalit nangangahas silang magtalumpati sa publiko na sumusukat sa mga tama at mali sa gawain ng Banal na Espiritu. Sinesermunan pa nila ang mga apostol na mayroong bagong gawain ng

Banal na Espiritu, na nagkokomento at nagsasalita nang wala sa lugar; napakababa ng kanilang pagkatao, at wala ni katiting na katinuan sa kanila. Hindi ba darating ang araw na itatakwil ng gawain ng Banal na Espiritu ang gayong mga tao, at susunugin ng mga apoy ng impiyerno? Hindi nila alam ang gawain ng Diyos, kundi sa halip ay pinipintasan ang Kanyang gawain, at sinusubukan ding turuan ang Diyos kung paano gumawa. Paano makikilala ng gayong mga taong wala sa katwiran ang Diyos? Nakikilala ng tao ang Diyos habang naghahanap at nagdaranas; hindi nakikilala ng tao ang Diyos sa pamamagitan ng kaliwanagan ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng pamimintas ayon sa gusto niya. Kapag mas tumpak ang kaalaman ng mga tao tungkol sa Diyos, mas hindi nila Siya kinokontra. Sa kabilang dako, kapag mas kakaunti ang alam ng tao tungkol sa Diyos, mas malamang na kontrahin nila Siya. Ang iyong mga palagay, ang dati mong likas na pagkatao, at ang iyong pagkatao, ugali at moral na pananaw ang "puhunan" na ipinanlalaban mo sa Diyos, at kapag ikaw ay naging mas tiwali, hamak at mababa, mas kaaway ka ng Diyos. Yaong mga nagtataglay ng matitinding palagay at may mapagmagaling na disposisyon ay mas lalo pang kinapopootan ng Diyos na nagkatawang-tao; ang gayong mga tao ang mga anticristo. Kung hindi naitama ang iyong mga palagay, palaging magiging laban sa Diyos ang mga ito; hindi ka magiging kaayon ng Diyos kailanman, at lagi kang malalayo sa Kanya.

Kapag isinantabi mo ang iyong mga lumang palagay, saka ka lamang magkakamit ng bagong kaalaman, subalit ang lumang kaalaman ay hindi kinakailangang maging katumbas ng mga lumang palagay. Ang "mga palagay" ay tumutukoy sa mga bagay na nawari ng tao na taliwas sa realidad. Kung ang lumang kaalaman ay wala na sa uso sa lumang kapanahunan at pinigilan ang tao sa pagpasok sa bagong gawain, ang gayong kaalaman ay isa ring palagay. Kung nagagawang unawain nang tama ng tao ang gayong kaalaman at maaaring makilala ang Diyos mula sa ilang iba't ibang aspeto, na pinagsasama ang luma at ang bago, ang lumang kaalaman ay nagiging isang tulong sa tao, at nagiging batayan ng pagpasok ng tao sa bagong kapanahunan. … Iniisip ng tao na ang

kanyang mga palagay ay tama at walang mali, at iniisip niya na ang mga palagay na ito ay nagmumula sa Diyos. Ngayon, kapag nasasaksihan ng tao ang gawain ng Diyos, malaya niyang ginagamit ang mga palagay na nabuo sa maraming taong nagdaan. Ang mga imahinasyon at ideya ng nakaraan ay naging hadlang sa gawain ng yugtong ito, at naging mahirap para sa tao na bitawan ang gayong mga palagay at pabulaanan ang gayong mga ideya. Ang mga palagay tungo sa paisa-isang hakbang ng gawaing ito ng marami sa mga nakasunod sa Diyos hanggang ngayon ay mas lalo pang tumindi, at ang mga taong ito ay unti-unting nakabuo ng matigas na pagkapoot sa Diyos na nagkatawang-tao. Ang pinagmulan ng kapootang ito ay nasa mga palagay at imahinasyon ng tao. Ang mga palagay at imahinasyon ng tao ay naging kaaway ng gawain ng ngayon, gawaing taliwas sa mga palagay ng tao. Nangyari ito dahil mismo sa mga katunayang hindi nagtulot sa tao na bigyang-laya ang kanyang imahinasyon, at, bukod pa riyan, hindi ito madaling pabulaanan ng tao, at ang mga palagay at imahinasyon ng tao ay hindi isinaalang-alang ang pag-iral ng mga katunayan, at, bukod pa riyan, dahil hindi iniisip ng tao ang pagiging tama at pagiging totoo ng mga katunayan, at desidido lamang siyang bigyang-laya ang kanyang mga palagay at gamitin ang kanyang sariling imahinasyon. Masasabi lamang na kagagawan ito ng mga palagay ng tao, at hindi masasabing kagagawan ng gawain ng Diyos. Maaaring wariin ng tao ang anumang nais niya, ngunit hindi niya maaaring tutulan ang anumang yugto ng gawain ng Diyos o anumang bahagi nito; ang katunayan ng gawain ng Diyos ay hindi masisira ng tao.

Hinango mula sa “Pag-alam sa Tatlong Yugto ng Gawain ng Diyos ang Landas tungo sa Pagkilala sa Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Nang nagkatawang-tao ang Diyos at pumarito upang gumawa kasama ng mga tao, ang lahat ay napagmasdan Siya at napakinggan ang Kanyang mga salita, at nakita ng lahat ang mga gawa na ginagawa ng Diyos mula sa Kanyang katawang-tao. Sa sandaling iyon, ang lahat ng kuro-kuro ng tao ay naging mga bula. At para sa mga nakakita na sa pagkakatawang-

tao ng Diyos, hindi sila hahatulan kung kusang-loob silang tatalima sa Kanya, samantalang ang mga sadyang naninindigan laban sa Kanya ay ituturing na kalaban ng Diyos. Ang mga taong ito ay mga anticristo, mga kaaway na sadyang naninindigan laban sa Diyos. Ang mga nagkikimkim ng mga kuro-kuro tungkol sa Diyos ngunit nakahanda pa rin at nagnanais na sumunod sa Kanya ay hindi mahahatulan. Hinahatulan ng Diyos ang tao batay sa kanyang mga layunin at mga kilos, hindi kailanman sa kanyang mga kaisipan at ideya. Kung hahatulan ng Diyos ang tao batay sa kanyang mga kaisipan at mga ideya, wala ni isang tao ang makatatakas mula sa puno ng galit na mga kamay ng Diyos. Ang mga sadyang naninindigan laban sa Diyos na nagkatawang-tao ay parurusahan dahil sa kanilang pagsuway. Tungkol sa mga taong ito na sadyang naninindigan laban sa Diyos, ang kanilang pagsalungat ay nagmumula sa katunayan na nagkikimkim sila ng mga kuro-kuro tungkol sa Diyos, na umaakay sa kanila sa mga pagkilos na nakagagambala sa gawain ng Diyos. Ang mga taong ito ay sadyang lumalaban at sumisira sa gawain ng Diyos. Hindi lamang sila nagtataglay ng mga kuro-kuro tungkol sa Diyos, nakikibahagi rin sila sa mga aktibidad na gumagambala sa Kanyang gawain, at dahil dito ang ganitong klase ng mga tao ay mahahatulan. Ang mga hindi sadyang gumagambala sa gawain ng Diyos ay hindi huhusgahan bilang mga makasalanan, sapagkat nagagawa nilang sumunod nang maluwag sa kanilang kalooban at hindi sila nakikibahagi sa mga aktibidad na nagdudulot ng paggambala at kaguluhan. Ang mga taong gaya nito ay hindi parurusahan. Gayunpaman, kapag naranasan na ng mga tao ang gawain ng Diyos sa loob ng maraming taon, kung patuloy silang nagkikimkim ng mga kuro-kuro tungkol sa Diyos at nananatili pa ring hindi nakaaalam sa mga gawain ng Diyos na nagkatawang-tao, at kung, gaano man karaming taon na nilang nararanasan ang Kanyang gawain, patuloy pa rin silang puno ng mga kuro-kuro tungkol sa Diyos at hindi pa rin nila Siya kayang makilala, kahit pa hindi sila nakikibahagi sa nakagagambalang mga akitibidad, ang kanilang mga puso ay puno pa rin ng maraming kuro-kuro tungkol sa Diyos, at kapag ang mga kuro-kurong ito ay hindi napansin,

ang mga taong ito ay walang maitutulong sa gawain ng Diyos. Hindi nila kayang ipalaganap ang ebanghelyo para sa Diyos o tumayong saksi Niya. Ang mga taong gaya nito ay mga walang silbi at mga hangal. Dahil hindi nila nakikilala ang Diyos at higit pa rito ay ganap na walang kakayahang iwaksi ang kanilang mga kuro-kuro tungkol sa Kanya, sila ay hinuhusgahan. Maaari itong sabihin nang ganito: Normal sa mga baguhan sa pananampalataya ang magkaroon ng mga kuro-kuro tungkol sa Diyos o ang kawalan ng kaalaman sa Kanya, ngunit para sa taong naniniwala na sa Diyos nang maraming taon at may sapat na karanasan sa gawain ng Diyos, hindi na normal para sa mga taong ito na ipagpatuloy ang pagkakaroon ng mga kuro-kuro, at mas lalong hindi normal para sa taong gaya nito ang kawalan ng kaalaman sa Diyos. Ito ay sapagkat hindi isang normal na kalagayan ang sila ay mahusgahan. Ang lahat ng mga hindi normal na taong ito ay basura. Sila ang mga pinakasumasalungat sa Diyos at mga nagpakasaya sa biyaya ng Diyos nang para sa wala. Lahat ng ganitong mga tao ay aalisin sa huli!

Hinango mula sa “Lahat ng Taong Hindi Nakakakilala sa Diyos ay mga Taong Sumasalungat sa Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang lahat ng maraming salitang sinasabi Ko ngayon sa iyo ay para malaman mo na upang maakay ka ng kaalamang ito sa isang bago at tumpak na kaalaman; ang mga ito ay para alisin rin ang mga lumang kuru-kuro at mga lumang kaalaman mo, upang magtaglay ka ng bagong kaalaman. Kung tunay mong kinakain at iniinom ang Aking mga salita, ang iyong kaalaman ay lubhang magbabago. Basta’t kinakain at iniinom mo ang mga salita ng Diyos na may pusong masunurin, babaligtad ang iyong pananaw. Basta’t nagagawa mong tanggapin ang paulit-ulit na mga pagkastigo, unti-unting magbabago ang iyong dating mentalidad. Basta’t lubos na napalitan ng bago ang iyong dating mentalidad, magbabago rin ang iyong pagsasagawa ayon dito. Sa ganitong paraan, ang iyong paglilingkod ay unti-unting makakaayon sa layunin, unti-unting magagawang tuparin ang kalooban ng Diyos. Kung mababago mo ang

iyong pamumuhay, ang iyong kaalaman tungkol sa buhay ng tao, at ang iyong maraming kuru-kuro tungkol sa Diyos, unti-unting mababawasan ang iyong naturalesa. Ito, at wala nang iba, ang epekto kapag nilupig ng Diyos ang mga tao, ito ang pagbabagong nangyayari sa mga tao.

Hinango mula sa “Ang Katotohanang Nakapaloob sa Gawain ng Panlulupig (3)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Maaaring walang epekto ang mga kurokuro ng tao sa kung anong kinakain o kung paano sila natutulog, at maaaring hindi sila makaapekto sa normal nilang pamumuhay, ngunit umiiral sila sa isip ng mga tao at sa kanilang mga saloobin, kumapit sila sa mga tao tulad ng isang anino, sumusunod sa kanila sa lahat oras. Maliban na lang kung tatanggalin mo sila, patuloy nilang kokontrolin ang mga pag-uugali mo at pag-iisip, makokontrol nila ang iyong paghuhusga, makokontrol nila ang iyong kaalaman sa Diyos, at makokontrol nila ang relasyon mo sa Diyos. Ang mga kuru-kuro ay isang pangunahing problema. Ang mga taong mayroong kuro-kuro tungkol sa Diyos ay tulad ng isang pader na nakatayo sa pagitan nila at ng Diyos, isang hadlang para makita nila ang totoong mukha ng Diyos, na pumipigil sa kanila na makita ang totoong ugali at tunay na diwa ng Diyos—dahil nakatira ang mga tao kasama ng kanilang mga kuru-kuro, at kabilang sa kanilang mga haka-haka, at ginagamit nila ang kanilang mga kuru-kuro upang matukoy kung ang Diyos ay tama o mali, at upang sukatin, parusahan, at hatulan ang lahat na ginagawa ng Diyos. Anong uri ng kalagayan ang madalas na nalalagay ang mga tao dahil sa paggawa nito? Maaari ba talagang sumailalim ang mga tao sa Diyos kapag nabubuhay sila kasama ng kanilang mga kuru-kuro? Maaari ba silang magkaroon ng tunay na pananampalataya sa Diyos? Hindi, hindi maaari. Kahit na magpasakop sila nang kaunti, ito ay ayon sa kanilang sariling mga kuro-kuro at pag-iisip. Sa sandaling ang isang tao ay magpasakop alinsunod sa kanilang mga kuru-kuro at pag-iisip, nabahiran ito ng mga personal na bagay na kay Satanas at sa panlabas na mundo, at salungat sa katotohanan. Ang problema ng mga kuro-kuro ng mga tao tungkol sa

Diyos ay seryoso; isa itong pangunahing isyu sa pagitan ng tao at ng Diyos na kailangan na agarang malutas. Lahat ng pumupunta sa Diyos ay nagdadala ng mga kuro-kuro, nagdadala sila ng lahat ng uri ng mga hinala tungkol sa Diyos. Gayundin, masasabi ring nagdadala sila ng napakaraming hindi pagkakaunawaan tungkol sa Diyos sa harap ng lahat ng ipinagkaloob sa kanila ng Diyos, sa harap ng Kanyang mga pagbubuo at pagsasaayos. At anong uri ng relasyon sa Diyos ang haharapin nila kung gayon? Patuloy na hindi naiintindihan ng mga tao ang Diyos, patuloy sila naghihinala sa Diyos, at patuloy nilang ginagamit ang sarili nilang mga pamantayan upang masukat kung ang Diyos ay tama o mali, upang masukat ang bawat salita Niya at ang mga gawaing lagi Niyang ginagawa. Ano ang ugaling ito? Nagrerebelde sila, tumututol, kumokondena, lumalapastangan, nanghuhusga, nakikipagpaligsahan, at, sa mas seryosong mga kaso, "nakikipaglaban" sa Diyos. Sa pinakapangit na saklaw, ang mga kuro-kuro ng mga tao ay nagbibigay sa kanila ng kawalan ng kakayahang tanggapin ang totoong Diyos Mismo, na tanggapin at sundin ang katotohanan, at mananagot sila kung gayon sa pagtanggi sa pagkakaroon ng Diyos at pagtalikod sa sinusunod nilang Diyos. Ito ay nakakatakot na suliranin.

Hinango mula sa "Sa pamamagitan lamang ng Paglutas ng mga Kuro-kuro Maaaring Makapasok sa Tamang Landas ng Paniniwala sa Diyos (1)" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang kaligtasan ng Diyos sa tao ay hindi lamang mga walang laman na salita. Ipinahayag niya ang lahat ng mga katotohanang ito upang matugunan ang mga bagay ng tiwaling sangkatauhan na salungat sa katotohanan—ang kanilang mga kuru-kuro, pag-iisip, kaalaman, pilosopiya, tradisyonal na kultura, atbp.—at, sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga bagay na ito, upang ipaunawa sa tao ano ang bumubuo sa mga positibong bagay, kung ano ang bumubuo ng mga negatibong bagay, kung aling mga bagay ang nagmula sa Diyos, kung aling mga bagay ay nagmula kay Satanas, kung ano ang katotohanan, at kung ano ang mga pilosopiya at

lohika ni Satanas. Kung nakikita ng mga tao ang mga bagay na ito nang malinaw sa kung ano talaga sila, likas na pipiliin nilang hanapin ang tamang landas ng buhay, at magagawa nilang isagawa ang katotohanan, upang gawin ang hinihiling ng Diyos, at makilala ang mga negatibong bagay. Ito ang hinihiling ng Diyos sa tao, at gayun din, ito ang pamantayan kung saan Niya ginagampanan at inililigtas ang mga tao. Sinasabi ng ibang, “Sinusuri ng Diyos ay ang mga kuro-kuro ng tao, ngunit wala akong mga kuru-kuro. Ang mga taong may mga kuru-kuro ay karaniwang matalino matandang mga lobo, o kung hindi man ang mga teologo at mapagkunwaring mga Fariseo. Hindi ako ganyan.” Ano ang problema dito? Hindi nila kilala ang kanilang mga sarili. Anuman ang ibahagi sa kanila, wala silang kakayahang ilapat ito sa kanilang mga sarili, iniisip na hindi sila ganoon. Ito ay kamangmangan, at wala silang pagkaunawa sa mga bagay na espiritwal. Sa ganitong paraan k aba mag-isip? Ngayon, karamihan sa mga tao ay hindi nag-iisip ng ganyan. Narinig nila ang maraming mga sermon, nadarama nila na ang bawat isa ay may mga katiwalian at kuru-kuro na hindi tahimik at negatibo, at walang kahihiyan sa pagsusuri sa kanila; pagkatapos suriin ang mga ito, saka, naniniwala silang makakatulong ito sa iba na paunlarin ang pag-unawa, at sila mismo ay lalago, at madaling maunawaan ang katotohanan. Para sa kadahilanang ito silang lahat ay bukas na suriin ang kanilang sarili. Sa gayon, sa kasong iyon, ano ang layunin ng pagsusuri ng mga kuru-kuro? Ito ay upang isantabi ang mga kuro-kurong ito, upang matugunan ang hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng tao at ng Diyos, at pagkatapos ay hayaang tutukan ng mga tao kung anong hinihiling ng Diyos sa tao, ang malaman kung paano makapasok sa landas ng kaligtasan, at malaman kung ano ang gagawin upang maisagawa ang katotohanan. Sa huli, sa pamamagitan ng patuloy na pagsasanay sa ganitong paraan, nakakamit ang inilaan na epekto: Sa isang banda, mauunawaan ng mga tao ang kalooban ng Diyos at magagawang sumuko sa Diyos, at sa kabilang banda, magkakaroon sila ng kaligtasan upang tanggihan at labanan ang maraming negatibong bagay, tulad ng masasamang ideya at pag-iisip, at mga bagay na nagmula

sa kaalaman. Kapag nahaharap sa isang relihiyosong intelektwal, isang teologo, o relihiyosong pastor o nakatatanda, maaari mong makita ang kalooban nila sa sandaling makausap mo sila, ay magawang magamit ang katotohanan upang pabulaanan ang kanilang napakaraming mga ideya, pag-iisip, mga ereheyo, at kamalian. Ipinapakita nito na kaya mong makilala ang mga negatibong bagay, na nauunawaan mo ang ilang mga katotohanan, na mayroon ka ng isang tiyak na tayog, at sa gayon ay hindi natatakot kapag nahaharap sa mga pinuno at pigura ng relihiyon. Ang kaalaman, pag-aaral, at mga pilosopiya na pinag-uusapan nila—kahit ang lahat ng kanilang mga ideolohiya at teorya—ay hindi matatag, sapagkat nakita mong sa pamamagitan ng mga liham at doktrina, mga kuru-kuro at haka-haka, ng relihiyon, at mga bagay ng relihiyon maaaring hindi ka na lokohin. Ngunit wala pa kayo. Kapag nakatagpo ka ng mga pandaraya sa relihiyon at Pariseo, o sinumang may kaunting katayuan, kayo ay takot; alam mo kung ano ang sinasabi nilang mali, na binubuo ito ng mga kuru-kuro at pag-iisip, na pinanganak ng kaalaman, ngunit hindi mo alam kung paano ito tatanggihan, hindi mo alam kung saan magsisimulang suriin ito, o kung aling mga salita ang ilalantad ang mga taong ito ay kasama. Hindi ba ipinapakita nito na hindi mo pa rin nauunawaan ang katotohanan? Kaya dapat kayong magbigay ng kasangkapan sa iyong sarili sa katotohanan at matutong maghiwalay ng iyong sarili. Kapag nauunawaan ninyo ang katotohanan, makakakita ka ba pamamagitan ng ibang mga tao, ngunit kung hindi mo nauunawaan ang katotohanan, hindi mo makikita sa pamamagitan nila. Upang makita sa pamamagitan ng mga tao at bagay, dapat mong maunawaan ang katotohanan; kung wala ang katotohanan bilang iyong pundasyon, bilang iyong buhay, hindi mo magagawang pasuin nang malalim ang anumang bagay.

Kapag nalutas na ng mga tao ang iba’t ibang kuru-kuro at pag-iisip, mayroon silang kaalaman at karanasan sa mga salita ng Diyos, at gayundin, nakapasok na sila sa katotohanan ng mga salita ng Diyos. Sa proseso ng pagpasok sa katotohanan ng mga salita ng Diyos, ang iba’t ibang kuru-kuro at pag-iisip na lumilitaw sa mga tao ay nalulutas, isa-isa, at

mayroong pagbabago sa kaalaman ng mga tao tungkol sa gawain ng Diyos, diwa ng Diyos, at iba’t ibang pag-uugaling mayroon ang Diyos patungo sa mga tao. Paano nagaganap ang pagbabagong ito? Nagaganap ito kapag isinasantabi ng mga tao ang kanilang iba`t ibang mga ideya at haka-haka, kapag isinantabi nila ang iba’t ibang mga ideya at pananaw na nagmula sa kaalaman, pilosopiya, tradisyonal na kultura o sa labas ng mundo, at sa halip ay tanggapin ang iba’t ibang mga pananaw na nagmula sa Diyos at may kaugnayan sa katotohanan. At sa gayon, kapag tinanggap ng mga tao ang mga salita ng Diyos bilang kanilang buhay, nakakapasok din sila sa katotohanan ng mga salita ng Diyos, at nagagawang magsaalang-alang at mag-isip ng mga katanungan gamit ang katotohanan, at nalulutas ang mga isyu sa paggamit ng katotohanan; ito ang mga pagbabagong dinudulot ng paglutas ng mga kuru-kuro sa buhay ng mga tao at sa kanilang pag-iral. Kapag nakakamit ng mga tao ang mga ganitong pagbabago, ang kanilang ugnayan sa Diyos nagiging katulad ng sa mga nilikhang nilalang at sa Lumikha. Sa mga ugnayan sa antas na ito, walang paligsahan, walang tukso, at napakaliit na paghihimagsik; higit na masunurin ang mga tao, maunawain, masambahin, matapat, at matapat sa Diyos, at talagang may-takot sila sa Diyos. Ngunit ang paglutas ng mga kuru-kuro ng mga tao ay isang napakasakit na proseso. Dapat tanggihan ng mga tao ang kanilang sarili, dapat nilang isantabi ang kanilang mga kuru-kuro, isantabi ang mga bagay na sa tingin nila ay tama, isantabi ang mga bagay na kanilang kinakapitan, isantabi ang mga bagay na pinaniniwalaan nilang wasto at kanilang pinagpapatuloy at hinahangad sa buong buhay nila. Nangangahulugan itong dapat talikuran ng mga tao ang kanilang sarili, dapat isantabi ang kaalaman, pilosopiya—maging ang paraan nila ng pag-iral—na natutuhan mula sa mundo ni Satanas, at palitan ang mga ito ng ibang paraan ng pamumuhay, ang pundasyon at ang ugat ng pagkakaroon nito ay ang katotohanan. Sa gayon, dapat magtiis ng matinding paghihirapan ang mga tao. Ang gayong paghihirap ay maaaring hindi pisikal na karamdaman o kahirapan at paghihirap ng pang-araw-araw na buhay, ngunit maaaring magmula ito sa pagbabago sa lahat

ng uri ng pananaw ng iba't ibang mga bagay at ng sangkatauhan sa iyong puso, o maaari ring magmula sa isang pagbabago sa iba't ibang mga aspeto ng kaalaman na mayroon ka tungkol sa Diyos, na nagbabaligtad ng mga kaalaman mo at pagtingin sa mundo, pag-iral ng tao, sangkatauhan, at maging ang Diyos.

Hinango mula sa "Sa pamamagitan lamang ng Paglutas ng mga Kuro-kuro Maaaring Makapasok sa Tamang Landas ng Paniniwala sa Diyos (1)" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

57. Ang mga Prinsipyo ng Pagtutuwid sa Pagdedepensa ng Sarili Laban sa Diyos at sa mga Maling Pagkaunawa sa Kanya

(1) Si Cristo lamang ang Tagapagligtas ng sangkatauhan. Siya lamang ang makapagkakaloob sa tao ng katotohanan at ng buhay, at walang kaligtasan kundi ang sa Kanya;

(2) Kinakailangang malaman na ang paghatol at pagkastigo, ang mga pagsubok at pagpipino, at ang pagtatabas at pakikitungo ng Diyos ay ginagawang lahat para sa kapakanan ng kaligtasan at pagperpekto sa tao, at pawang pagpapahayag ng pagmamahal para sa sangkatauhan;

(3) Kapag may kinakaharap na pangyayari ang isang tao na hindi umaayon sa kanyang kuru-kuro, dapat niyang hanapin ang katotohanan, unawain ang kalooban ng Diyos, at subukang matamo ang pagkakilala sa Kanyang disposisyon. Saka lamang maaaring matanggal sa isang tao ang kanyang mga kuru-kuro at maling pagkaunawa.

(4) Ang mga palaging dumedepensa laban sa Diyos at mali ang pagkaunawa sa Diyos ay mga mapanlinlang na tao, at lahat ng hindi naniniwala na ang Diyos ang katotohanan ay mga kasuklam-suklam at sawing-palad na tao—mga ganap na hindi mananampalataya.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Bakit nagkatawang-tao ang Diyos? Nasabi na na ginagawa Niya ang lahat upang mailigtas ang sangkatauhan; kung kaya, ang Kanyang

pagkakatawang-tao ay pinagkalooban ng kabuuan ng Kaniyang pag-ibig, na ipinapakita sa inyo ang sukdulang pagsuway ng tao sa Diyos, at ang sitwasyon ay wala nang lunas. Wala na Siyang iba pang magagawa kundi magkatawang-tao at ihandog ang Kanyang sarili sa sangkatauhan. Inihahandog ng Diyos ang lahat ng Kanyang pag-ibig. Kung hindi Niya minahal ang sangkatauhan, hindi na sana Siya nagkatawang-tao; sa halip, pinakidlat na lamang Niya ang kalangitan, direktang ipinapahayag ang Kanyang kamahalan at matinding galit, at nagdudulot ng pagkabuwal ng tao sa lupa. Hindi na sana kinailangan pa ng Diyos na gawin ang lahat ng pagsisikap na magkatawang-tao; hindi na sana Niya kinailangan pang magbayad ng napakalaking halaga o magdusa ng labis-labis na kahihiyan. Isa itong malinaw na halimbawa. Mas nanaisin pa Niyang pagdusahan ang sakit, kahihiyan, pagpapabaya, at pag-uusig upang iligtas ang mga tao; sa kabila ng gayong masamang sitwasyon, nagdadala pa rin Siya ng kaligtasan sa kanila. Mayroon bang hihigit pang pag-ibig? Kung tanging katuwiran lamang ang mayroon ang Diyos, at kung nag-uumapaw Siya ng walang-humpay na pagkamuhi para sa sangkatauhan, hindi na sana Siya nagkatawang-tao upang gawin ang Kanyang gawain; naghintay na lamang sana Siya hanggang sa ang katiwalian ng mga tao ay umabot na sa sukdulan at nilipol silang lahat, at nang sa gayon, tuluyan nang natapos ang gawain Niyang ito. Dahil ito sa mahal ng Diyos ang tao—dahil may lubos Siyang pag-ibig para sa sangkatauhan—kaya Siya nagkatawang-tao upang iligtas ang mga taong ito na sobrang tiwali. Pagkatapos sumailalim sa paghatol at pagkastigo ng Diyos, at magkaroon ng kamalayan sa kanilang mga kalikasan, maraming tao ang nagsasabing, “Katapusan ko na; hindi ako maililigtas kailanman.” Tanging kapag pinaniniwalaan mo na wala kang kakayahang makamit ang kaligtasan ay saka mo lamang mababatid ang katotohanan na tunay ngang may lubos na pagtitiis at pag-ibig ang Diyos para sa tao! Ano ba ang magagawa ng tao kung wala ang pag-ibig ng Diyos? Napakatiwali ng kalikasan ng tao, nguni’t kinakausap pa rin kayo ng Diyos; agad Siyang tumutugon sa anumang katanungan na maaari ninyong itanong, nababahala na baka hindi ninyo maintindihan at

natatakot na baka maligaw kayo ng landas o magpakalabis. Kahit pa ganyan ang kaso, hindi pa rin ba ninyo nauunawaan ang laki ng pag-ibig ng Diyos para sa sangkatauhan?

Hinango mula sa “Ang Tunay na Pag-ibig ng Diyos Para sa Sangkatauhan” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang Diyos ay naparito para gumawa sa lupa upang iligtas ang tiwaling sangkatauhan; walang kasinungalingan dito. Kung mayroon, tiyak na hindi sana Siya naparito upang gawin ang Kanyang gawain nang personal. Dati-rati, ang Kanyang paraan ng pagliligtas ay may kasamang pagpapakita ng sukdulang pag-ibig at habag, kaya ibinigay Niya ang lahat Niya kay Satanas kapalit ng buong sangkatauhan. Ang kasalukuyan ay hindi kagaya ng nakaraan: Ang kaligtasang ipinagkaloob sa inyo ngayon ay nangyayari sa panahon ng mga huling araw, kung kailan ibinubukod ang bawat isa ayon sa uri; ang paraan ng inyong kaligtasan ay hindi pag-ibig o habag, kundi pagkastigo at paghatol, upang ang tao ay maaaring mas lubusang maligtas. Sa gayon, ang natatanggap lamang ninyo ay pagkastigo, paghatol, at walang-awang paghampas, ngunit dapat ninyong malaman ito: Sa walang-pusong paghampas na ito wala ni kakatiting na kaparusahan. Gaano man kabagsik ang Aking mga salita, ang sumasapit sa inyo ay iilang salita lamang na maaaring magmukhang lubos na walang puso sa inyo, at gaano man katindi ang Aking galit, ang dumarating sa inyo ay mga salita pa rin ng pagtuturo, at hindi Ko layon na saktan kayo o patayin kayo. Hindi ba totoo ang lahat ng ito? Dapat ninyong malaman na sa panahong ito, matuwid na paghatol man o walang-pusong pagpipino at pagkastigo, lahat ay para sa kapakanan ng kaligtasan. Ibinubukod man ngayon ang bawat isa ayon sa uri o inilalantad ang mga kategorya ng tao, ang layunin ng lahat ng salita at gawain ng Diyos ay upang iligtas yaong mga tunay na nagmamahal sa Diyos. Ang matuwid na paghatol ay pinasasapit upang dalisayin ang tao, at ang walang-pusong pagpipino ay ginagawa upang linisin sila; ang masasakit na salita o pagkastigo ay kapwa ginagawa upang magpadalisay at alang-alang sa kaligtasan. Sa gayon, ang pamamaraan

ng pagliligtas ngayon ay hindi kagaya noong araw. Ngayon, inililigtas kayo sa pamamagitan ng matuwid na paghatol, at ito ay isang mabuting kasangkapan para maibukod ang bawat isa sa inyo ayon sa uri. Bukod diyan, ang malupit na pagkastigo ay nagsisilbing inyong sukdulang kaligtasan—at ano ang masasabi ninyo sa harap ng gayong pagkastigo at paghatol? Hindi ba kayo palaging nagtamasa ng pagliligtas, mula simula hanggang wakas? Nakita na ninyo ang Diyos na nagkatawang-tao at napagtanto ang Kanyang walang-hanggang kapangyarihan at karunungan; at saka, naranasan na ninyo ang paulit-ulit na paghampas at pagdisiplina. Gayunman, hindi ba nakatanggap din kayo ng pinakadakilang biyaya? Hindi ba mas malaki ang inyong mga pagpapala kaysa iba pa? Ang inyong mga biyaya ay mas sagana pa nga kaysa sa kaluwalhatian at mga kayamanang tinamasa ni Solomon! Pag-isipan ninyo ito: Kung ang Aking layon sa pagparito ay upang hatulan at parusahan kayo sa halip na iligtas kayo, nagtagal kaya ang buhay ninyo? Buhay pa kaya hanggang ngayon kayong mga makasalanang nilalang na laman at dugo? Kung ang Aking mithiin ay para lamang parusahan kayo, bakit pa Ako nagkatawang-tao at nagsimula ng gayon kalaking proyekto? Hindi ba kayong mga hamak na mortal ay maaaring parusahan sa pagbigkas lamang ng iisang salita? Kakailanganin Ko pa ba kayong puksain matapos Ko kayong sadyang hatulan? Hindi pa rin ba kayo naniniwala sa mga salita Kong ito? Maaari Ko bang iligtas ang tao sa pamamagitan lamang ng pag-ibig at habag? O maaari Ko bang gamitin na lamang ang pagkakapako sa krus upang iligtas ang tao? Hindi ba mas kaaya-aya ang Aking matuwid na disposisyon para magawang lubos na masunurin ang tao? Hindi ba mas may kakayahan ito na lubusang iligtas ang tao?

Hinango mula sa “Dapat Mong Isantabi ang mga Pagpapala ng Katayuan at Unawain ang Kalooban ng Diyos na Maghatid ng Kaligtasan sa Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Lahat kayo ay naninirahan sa isang lupain ng kasalanan at kahalayan, at lahat kayo ay mahalay at makasalanan. Ngayon ay hindi lamang ninyo

nakikita ang Diyos, kundi ang mas mahalaga, natanggap ninyo ang pagkastigo at paghatol, natanggap ninyo ang tunay na malalim na pagliligtas, ibig sabihin, natanggap ninyo ang pinakadakilang pagmamahal ng Diyos. Sa lahat ng Kanyang ginagawa, totoong mapagmahal ang Diyos sa inyo. Wala Siyang masamang layon. Dahil sa inyong mga kasalanan kaya Niya kayo hinahatulan, upang suriin ninyo ang inyong sarili at tanggapin ang napakalaking pagliligtas na ito. Lahat ng ito ay ginagawa para gawing ganap ang tao. Mula simula hanggang wakas, ginagawa na ng Diyos ang Kanyang buong makakaya upang iligtas ang tao, at wala Siyang hangaring ganap na wasakin sa Kanyang sariling mga kamay ang mga taong Kanyang nilikha. Ngayon, naparito Siya sa inyo upang gumawa, at hindi ba mas dakila pa ang pagliligtas na ito? Kung kinamuhian Niya kayo, gagawa pa ba Siya ng gayon kalaking gawain upang personal kayong gabayan? Bakit Niya kailangang magdusa nang gayon? Hindi kayo kinamumuhian ng Diyos o wala Siyang anumang masamang layon sa inyo. Dapat ninyong malaman na ang pagmamahal ng Diyos ang pinakatotoong pagmamahal. Dahil lamang sa suwail ang mga tao kaya Niya sila kailangang iligtas sa pamamagitan ng paghatol; kung hindi dahil dito, imposible silang mailigtas. Dahil hindi ninyo alam kung paano mamuhay at ni wala kayong malay kung paano mabuhay, at dahil kayo ay nabubuhay sa mahalay at makasalanang lupaing ito at kayo mismo ay mahalay at maruming mga diyablo, hindi Niya matiis na hayaan kayong maging mas masama, hindi Niya matiis na makita kayong nabubuhay sa maruming lupaing ito tulad ngayon, na tinatapak-tapakan ni Satanas kung kailan nito gusto, at hindi Niya matiis na hayaan kayong mahulog sa Hades. Nais lamang Niyang maangkin ang grupong ito ng mga tao at lubusan kayong iligtas. Ito ang pangunahing layunin ng paggawa ng gawain ng panlulupig sa inyo—para lamang ito sa pagliligtas. Kung hindi mo makita na lahat ng ginawa sa iyo ay pagmamahal at pagliligtas, kung iniisip mo na isa lamang itong pamamaraan, isang paraan upang pahirapan ang tao, at isang bagay na hindi mapagkakatiwalaan, mas mabuti pang bumalik ka na sa iyong mundo upang magdanas ng pasakit at paghihirap! Kung handa kang

mapasama sa daloy na ito, at masiyahan sa paghatol na ito at sa napakalawak na pagliligtas na ito, at matamasa ang lahat ng pagpapalang ito, mga pagpapalang hindi matatagpuan saanman sa mundo ng tao, at matamasa ang pagmamahal na ito, mabuti kung gayon: Mamalagi sa daloy na ito para tanggapin ang gawain ng panlulupig upang magawa kang perpekto. Ngayon, maaaring nagdaranas ka ng kaunting pasakit at pagpipino dahil sa paghatol ng Diyos, ngunit may halaga at kabuluhan ang pagdanas ng pasakit na ito. Bagama't pinipino at walang-awang inilalantad ang mga tao sa pagkastigo at paghatol ng Diyos—na ang layon ay parusahan sila para sa kanilang mga kasalanan, parusahan ang kanilang laman—wala sa gawaing ito ang nilayong isumpa ang kanilang laman hanggang sa mawasak. Ang matitinding pagsisiwalat ng salita ay para lahat sa layunin na akayin ka sa tamang landas. Personal na ninyong naranasan ang napakarami sa gawaing ito at, malinaw, hindi kayo naakay nito sa isang masamang landas! Lahat ay upang maisabuhay mo ang normal na pagkatao, at magagawa ang lahat ng ito ng iyong normal na pagkatao. Bawat hakbang ng gawain ng Diyos ay batay sa iyong mga pangangailangan, ayon sa iyong mga kahinaan, at ayon sa iyong aktwal na tayog, at walang pasaning ibinigay sa inyo na hindi ninyo kakayanin. Hindi ito malinaw sa iyo ngayon, at pakiramdam mo ay parang pinahihirapan kita, at totoong palagi kang naniniwala na kaya kita kinakastigo, hinahatulan at pinagagalitan araw-araw ay dahil kinamumuhian kita. Ngunit kahit ang dinaranas mo ay pagkastigo at paghatol, ang totoo ay pagmamahal ito sa iyo, at ito ang pinakamalaking proteksyon. Kung hindi mo maunawaan ang mas malalim na kahulugan ng gawaing ito, imposibleng magpatuloy ka pa sa iyong nararanasan. Ang pagliligtas na ito ay dapat maghatid sa iyo ng ginhawa. Huwag kang tumangging patinuin ang iyong pag-iisip. Dahil malayo na ang iyong narating, dapat mong malinawan ang kahalagahan ng gawain ng panlulupig, at wala ka na dapat mga opinyon tungkol dito sa anumang paraan!

Hinango mula sa "Ang Katotohanang Nakapaloob sa Gawain ng Panlulupig (4)" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Maraming tao ang hindi nauunawaan ang kalooban ng Diyos; iniisip nila na ang lahat na itinalaga ng Diyos ay hindi maaaring hindi maligtas at iniisip nila na ang lahat na hindi itinalaga ng Diyos ay hindi maliligtas kahit na gumawa sila ng mga bagay-bagay nang mas mabuti. Iniisip nila na hindi pagpapasyahan ng Diyos ang kalalabasan ng tao batay sa kanilang pagganap at pag-uugali. Kung ganitong paraan ka mag-isip, sa gayon labis mong di-nauunawaan ang Diyos. Kung ganito talaga ang ginawa ng Diyos, samakatwid magiging makatwiran ba ang Diyos? Pinagpapasyahan ng Diyos ang kalalabasan ng mga tao batay sa isang prinsipyo: Sa huli ang kalalabasan ng mga tao ay mapagpapasyahan ayon sa kanilang personal na pagganap at pag-uugali. Hindi mo nakikita ang matuwid na disposisyon ng Diyos, at palagi mong di-nauunawaan ang Diyos at binabaluktot ang Kanyang mga intensyon, na nagsasanhi upang ikaw ay palaging maging pesimista at mawalan ng pag-asa. Hindi ba ito pagpapahirap sa sarili? Sa katunayan, talaga bang nauunawaan mo, at nakasisiguro ka ba sa mga intensyon ng Diyos? Palagi mong ginagamit ang “pagtatalaga ng Diyos” upang ilarawan at itatwa ang mga salita ng Diyos. Ito ay isang malubhang di-pagkakaunawa sa Diyos! Hindi mo nauunawaan ang gawain ng Diyos at hindi mo nauunawaan ang Kanyang kalooban sa anumang paraan; mas higit pa, hindi mo nauunawaan ang mabuting mga intensyon na inilagay ng Diyos sa 6,000 taon ng gawaing pamamahala! Isinusuko mo ang iyong sarili sa kawalang-pag-asa, hinuhulaan at pinagdududahan ang Diyos; ikaw ay malalim na natatakot na maging isang tagapaglingkod, nag-iisip na, “Walang mahusay tungkol sa akin; bakit itinataas ang aking ranggo upang gawin ang gawaing ito? Ginagamit ba ako ng Diyos? Ibig bang sabihin niyan ay ginagawa Niyang ako ay maglingkod at pagkatapos ay tatanggalin ako kapag hindi na ako kapaki-pakinabang?” Hindi ba ang ganitong pananaw sa Diyos ay naglalagay sa Kanya sa kategorya na kasama niyaong mga nasa kapangyarihan? Palagi mong di-nauunawaan ang Diyos; pinag-isipan mo nang masama ang Diyos at inalipusta Siya. Hindi ka kailanman naniwala sa mga salita at pagkamatapat ng Diyos, nagkusa kang hanapin na maging tagapaglingkod, nagkusa kang tumahak sa

landas ng mga tagapaglingkod, nguni't hindi mo hinanap na baguhin ang iyong disposisyon ni nagdusa ng mga kahirapan upang isagawa ang katotohanan. Sa kasukdulan, itinulak mo ang iyong mga responsibilidad tungo sa Diyos, nagsasabing hindi ka itinalaga ng Diyos, at na ang Diyos ay hindi naging taos-puso sa iyo. Ano ang problema? Hindi -mo nauunawaan ang mga intensyon ng Diyos, hindi ka naniniwala sa mga salita ng Diyos, hindi mo isinasagawa ang katotohanan ni inilalaan ang iyong sarili habang tinutupad ang iyong mga tungkulin. Paano mo mabibigyang-kasiyahan ang kalooban ng Diyos? Sa ganitong paraan ng pagkilos, hindi ka kwalipikado sa pinakamababa na maging tagapaglingkod, kaya paano ka magiging kwalipikado na makipag-ayos sa Diyos? Kung iniisip mo na ang Diyos ay di-matuwid, kung gayon bakit ka naniniwala sa Kanya? Palagi mong ninanais na sabihin sa iyo ng Diyos, "Ikaw ay bahagi ng mga tao ng kaharian at ito ay di-kailanman magbabago" bago mo pagpunyagian ang iyong sarili para sa pamilya ng Diyos. Kung hindi ito sinabi ng Diyos, sa gayon hindi mo kailanman ibibigay ang iyong tunay na puso sa Diyos. Gaano kasuwail ang ganitong uri ng tao! Nakakita na ako ng napakaraming tao na kailanma'y di-nagpokus sa pagpapabago ng kanilang mga disposisyon, lalong hindi tumutuon sa pagsasagawa ng katotohanan. Binibigyang-pansin lamang nila ang paghiling kung kanilang makakamit ang isang mabuting huling hantungan, kung paano sila tatratuhin ng Diyos, kung mayroon Siyang pagtatalaga para sa kanila upang maging Kanyang bayan, at iba pang sabi-sabing mga bagay-bagay. Paanong ang ganitong mga tao na hindi nauugnay sa matapat na gawain ay magtatamo ng buhay na walang hanggan?

Hinango mula sa "Ang Kalooban ng Diyos ay Iligtas ang Mga Tao Hangga't Maaari" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kinalulugdan Ko yaong mga hindi mapaghinala sa iba, at gusto Ko yaong mga agarang tumatanggap ng katotohanan; nagpapakita Ako ng labis na pagkalinga sa dalawang uri ng mga taong ito, dahil matatapat silang mga tao sa Aking paningin. Kung mapanlinlang ka, magiging

malihim at mapaghinala ka sa lahat ng mga tao at mga bagay, at sa gayon, ang pananampalataya mo sa Akin ay maitatayo sa isang pundasyon ng paghihinala. Hindi Ko kailanman maaaring kilalanin ang ganitong pananampalataya. Sa kakulangan ng tunay na pananampalataya, mas lalo kang salat sa tunay na pagmamahal. At kung may gawi kang pagdudahan ang Diyos at maghaka tungkol sa Kanya, kung gayon walang kaduda-dudang ikaw ang pinakamapanlinlang sa lahat ng mga tao. Ipinagpapalagay mo kung maaaring maging katulad ng tao ang Diyos: makasalanang di-mapapatawad, makitid ang isip, salat sa pagiging makatarungan at katwiran, walang muwang sa katarungan, mahilig sa mapanirang mga kaparaanan, taksil at tuso, nalulugod sa kasamaan at kadiliman, at iba pa. Hindi ba't ang dahilan kaya may ganitong kaisipan ang mga tao ay sapagkat wala sila ni bahagyang kaalaman sa Diyos? Halos kasalanan ang ganitong uri ng pananampalataya! Mayroong pa ngang ibang naniniwala na ang mga nagbibigay-lugod sa Akin ay yaong mga palapuri at nanghihibo, at hindi tatanggapin sa tahanan ng Diyos at mawawalan ng lugar doon yaong mga walang kasanayan sa ganoong mga bagay. Ito lamang ba ang tanging kaalamang nakuha ninyo pagkatapos ng lahat ng mga taong ito? Ito ba ang nakamit ninyo? At hindi tumitigil sa mga maling pagkaunawang ito ang kaalaman ninyo sa Akin; mas malala pa ay ang kalapastanganan ninyo sa Espiritu ng Diyos at panlalait sa Langit. Ito ang dahilan kaya sinasabi Kong magdudulot lamang ng lalong paglayo ninyo sa Akin at mas higit pang pagsalungat sa Akin ang pananampalatayang tulad ng sa inyo. Sa loob ng maraming taon ng gawain, marami na kayong nakitang katotohanan, ngunit alam ba ninyo kung ano ang narinig ng Aking mga tainga? Ilan sa inyo ang handang tanggapin ang katotohanan? Naniniwala kayong lahat na handa kayong bayaran ang halaga ng katotohanan, ngunit ilan sa inyo ang tunay na nagdusa para sa katotohanan? Walang iba kundi katiwalian ang nasa inyong mga puso, na nagpapaisip sa inyo na ang lahat, sino man sila, ay parehong mapanlinlang at buktot—hanggang sa abot na naniniwala din kayo na ang Diyos na nagkatawang-tao, tulad ng karaniwang tao, ay

maaaring maging walang mabuting puso o mapagmalasakit na pagmamahal. Higit pa diyan, naniniwala kayo na sa Diyos na nasa langit lamang umiiral ang isang marangal na katangian at isang mahabagin at mapagmalasakit na kalikasan. Naniniwala kayong walang ganyang banal na umiiral, na tanging kadiliman at kasamaan ang naghahari sa lupa, samantalang ang Diyos ay isang bagay na pinaglalagakan ng mga tao ng kanilang pananabik sa mabuti at maganda, isang maalamat na nilalang na gawa-gawa lamang nila. Sa inyong mga isipan, ang Diyos na nasa langit ay lubhang kagalang-galang, matuwid, at dakila, karapat-dapat sa pagsamba at paghanga; samantala, itong Diyos na nasa lupa ay panghalili lamang, at isang kasangkapan, ng Diyos na nasa langit. Naniniwala kayo na hindi magiging kapantay ng Diyos na nasa langit ang Diyos na ito, at lalong hindi dapat mabanggit na tulad Niya sa parehong pagkakataon. Pagdating sa kadakilaan at karangalan ng Diyos, kabilang sila sa kaluwalhatian ng Diyos na nasa langit, ngunit pagdating sa kalikasan at sa katiwalian ng tao, mga katangian ito na may bahagi ang Diyos na nasa lupa. Walang-hanggang matayog ang Diyos na nasa langit, samantalang magpakailanmang hamak, mahina, at walang kakayahan ang Diyos na nasa lupa. Hindi nadadala ng bugso ng damdamin ang Diyos na nasa langit, tanging ng pagkamatuwid, samantalang may makasariling dahilan lamang at walang anumang pagiging makatarungan o katuwiran ang Diyos na nasa lupa. Wala kahit bahagyang kabuktutan at tapat magpakailanman ang Diyos na nasa langit, samantalang laging may mapandayang gawi ang Diyos na nasa lupa. Mahal na mahal ng Diyos na nasa langit ang tao, samantalang nagpapakita ng hindi sapat na pag-aaruga sa tao ang Diyos na nasa lupa, at lubos pa nga siyang pinababayaan. Matagal nakakimkim sa inyong mga puso ang maling kaalamang ito at maaari ring maipagpatuloy sa hinaharap. Tinitingnan ninyo ang lahat ng gawa ni Cristo mula sa pananaw ng mga hindi matuwid at sinusuri ang lahat ng Kanyang gawain, gayundin ang Kanyang pagkakakilanlan at diwa, mula sa pananaw ng mga buktot. Nakagawa kayo ng matinding pagkakamali at nagawa yaong hindi pa kailanman nagagawa ng mga nauna sa inyo. Ibig sabihin,

pinaglilingkuran lamang ninyo ang dakilang Diyos na nasa langit na may korona sa Kanyang ulo, at hindi kailanman nagsilbi sa Diyos na tinitingnan lamang ninyo bilang napakahamak kaya hindi ninyo Siya nakikita. Hindi ba't ito ay inyong kasalanan? Hindi ba ito isang karaniwang halimbawa ng pagkakasala ninyo laban sa disposisyon ng Diyos?

Hinango mula sa "Paano Mababatid ang Diyos na Nasa Lupa" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kapag mayroon kang hindi pagkakaunawa sa Diyos, may mga mahihirap, mga may kinikiingang elemento sa iyo na pipigilan kang maghanap ng katotohanan. Kung ang iyong mga hindi pagkakaunawa ay matanggal, magagawa mong maghanap ng katotohanan; kung hindi, magkakaroon ng pakiramdam ng pagkahiwalay sa iyong puso, at mananalangin ka sa isang walang pakialam na paraan; ito ay pandaraya sa Diyos, at hindi Siya makikinig. Sa sandaling mayroon kang hindi pagkakaunawa tungkol sa Diyos, at sa sandaling lumitaw ang mga pakiramdam ng agwat at pagkawalay, nagsasara ang iyong puso para sa Diyos, at ayaw mong makinig sa Kanyang mga salita o maghanap ng katotohanan. Anuman ang gawin mo, ginagawa mo lang nang wala sa puso ang mga gawain, nagkukunwari at nagiging mapanlinlang. Kapag ang hindi pagkakaintindih ng tao sa Diyos ay malutas at malampasan niya ang sagabal na ito, isasaalang-alang niya ang bawat salita at iatas ng Diyos nang may katapatan, at lalapit sa Kanya nang taimtim na may matapat na puso. Kung sa pagitan ng tao at ng Diyos, mayroong pagsasalungat at agwat at hindi pagkakaunawaan, ginagampanan ng tao ang papel ni Satanas kung gayon at salungat salungat siya sa Diyos. Ano ang mga kahihinatnan ng pagsalungat na ito? Maaari bang magpasakop sa Diyos ang gayong tao? Matatanggap kaya nila ang totoo? Alinman ay hindi nila magagawa, at ang mga pagbabago sa kanilang disposisyon ay titigil. Samakatuwid, kapag sinusuri ng isang tao ang iba`t ibang kalagayan, sa isang bahagi ginagawa ito upang makilala ang sarili, habang sa ibang bahagi, nangangailangan ito ng pagtuon sa pagsusuri kung ano ang hindi

pagkakaunawaan ng isang tao sa Diyos. Ano ang mga kasama sa mga hindi pagkakaunawaang ito? Mga kurokuro, guniguni, pagwawalang-bahala, pagdududa, pagsisiyasat, at hakahaka. Kapag nahuli sa mga kalagayang ito, lumabas ang suliranin sa relasyon mo sa Diyos. Dapat mong hanapin agad ang katotohanan upang malutas ito—at kailangan mo itong lutasin. Iniisip ng ilan na kung mayroon silang hindi pagkakaunawa tungkol sa Diyos, hindi nila magagawa ang kanilang tungkulin hangga't hindi nila nalulutas ang isyu. Kayanggap-tnggap ba ito? (Hindi.) Huwag ipagpaliban ang paggawa ng iyong tungkulin, ngunit gampanan ang iyong tungkulin at lutasin ang iyong isyu nang sabay. Habang ginagampanan mo ang iyong tungkulin, ang hindi mo pagkakaunawa sa Diyos ay magsisimulang mawala nang hindi mo namamalayan, at matutuklasan mo kung saan nagmula ang isyu at kung gaano ito kaseryoso. Balang araw, maaaring ninyong mapagtanto, "Ang tao ay isang nilikhang nilalang, at ang Lumikha ay magpakailanman aking Panginoon; ang diwang ito ay hindi nagbabago, ni ang katayuan ng tao, ni ang katayuan ng Diyos. Kahit ano pa ang gawin ng Diyos, at kahit na tingnan ng lahat ng sangkatauhan ang Kanyang ginagawa bilang mali, hindi ko maitatanggi ang Kanyang nagawa, ni hindi ko rin maitatangging Siya ang katotohanan. Ang Diyos ang pinakamataas na katotohanan, walang hanggan kawastuhan. Dapat panghawakan ng tao ang kanyang posisyon; hindi niya dapat siyasatin ang Diyos, bagkus ay tanggapin ang mga pagsasaayos ng Diyos at tanggapin ang lahat ng Kanyang mga salita. Ang lahat ng sinasabi at ginagawa ng Diyos ay tama. Hindi dapat gumawa ang tao ng iba't ibang mga kahilingan sa Diyos—ang mga nilikhang nilalang ay hindi karapat-dapat na gawin ito. Kahit na ituring ako ng Diyos bilang isang laruan, dapat pa rin akong magpasakop, at kung hindi, iyon ang aking problema, hindi ng Diyos." Kapag mayroon kang karanasan at kaalaman sa aspektong ito ng katotohanan, tunay kang papasok sa pagpapasakop sa Diyos, at wala ka nang mga pangunahing paghihirap, at, ginagampanan mo man ang iyong tungkulin o nagsasagawa ng iba't ibang mga aspekto ng katotohanan, maraming paghihirap ang malulutas. Ito ang pinakadakila at pinakamalalim

na katotohanan. Maraming pagkakataon, kapag ang mga tao ay nahaharap sa iba't ibang mga paghihirap, kapag may iba't ibang mga hadlang, o kapag maharap sila sa bagay na hindi nila matukoy, ito ay dahil sa nakatayo sila sa maling posisyon: Mayroon silang hindi pagkakaunawa sa Diyos; nais nilang siyasatin ang Diyos at ayaw Siya ituring bilang Diyos; nais nilang tanggihan ang kawastuhan ng lahat ng sinasabi at ginagawa ng Diyos; at nais nilang tanggihan na ang Diyos ang katotohanan. Ipinapahiwatig nito na ayaw ng tao na maging isang nilikha na nilalang, at nais na magkaroon ng pantay na katayuan sa Diyos, upang makahanap ng kapintasan sa Kanya. Magdudulot ito ng kaguluhan. Kung magagampanan mo ang iyong tungkulin nang maayos at panghawakan ang iyong lugar bilang isang nilikha, walang pagtutol sa kung ano ang ginagawa ng Diyos ang lilitaw sa iyo kung gayun. Maaari kang magkaroon ng ilang mga hindi pagkakaunawa, at maaaring mayroon kang ilang mga hakahaka, ngunit, ang saloobin mo ay magiging pagpayag na tanggapin ang mga pagsasaayos ng Diyos, at magmumula ka sa isang lugar ng pagpayag sa pagpapasakop sa Diyos, kaya walang paglaban sa Diyos makikita sa iyo.

Hinango mula sa "Ang Dapat na Saloobin ng Tao Patungkol sa Diyos" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang mga tao ay madalas na nag-aalala at natatakot sa mga pagsubok ng Diyos, gayunman, sa lahat ng oras sila ay nabubuhay sa bitag ni Satanas, at naninirahan sa mapanganib na teritoryo kung saan sila ay nilulusob at inaabuso ni Satanas—ngunit sila ay walang takot, at panatag. Ano ang nangyayari? Ang pananampalataya ng tao sa Diyos ay limitado lamang sa mga bagay na kanyang makikita. Wala siya ni kaunting pagpapahalaga sa pagmamahal at pagmamalasakit ng Diyos para sa tao, o sa Kanyang pagmamahal at pagsasaalang-alang sa tao. Ngunit para sa isang maliit na pangamba at takot tungkol sa mga pagsubok, paghatol at pagkastigo ng Diyos, at sa Kanyang kadakilaan at poot, ang tao ay wala kahit kaunting pagkaunawa sa magagandang balak ng Diyos. Sa pagbanggit ng mga pagsubok, ang pakiramdam ng tao ay para bang

mayroong mga natatagong layunin ang Diyos, at ang ilan ay naniniwala pa na may masamang layunin ang Diyos, walang kamalay-malay sa kung ano ang talagang gagawin ng Diyos sa kanila; dahil dito, kasabay ng pagsigaw na sumunod sa dakilang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos, ginagawa nila ang lahat ng kanilang makakaya upang pigilan at labanan ang dakilang kapangyarihan ng Diyos sa tao at mga pagsasaayos para sa tao, dahil naniniwala sila na kung hindi sila maingat sila ay ililigaw ng Diyos, na kung hindi nila mahigpit na mahahawakan ang kanilang sariling mga kapalaran, ang lahat ng mayroon sila ay maaaring kunin ng Diyos, at maging ang kanilang buhay ay maaari magwakas. Ang tao ay nasa kampo ni Satanas, ngunit siya ay hindi kailanman nag-aalala tungkol sa pang-aabuso ni Satanas, at siya ay inaabuso ni Satanas ngunit hindi kailanman natatakot na mabihag ni Satanas. Palagi niyang sinasabi na tinatanggap niya ang kaligtasan ng Diyos, subalit hindi niya kailanman pinagkatiwalaan ang Diyos o pinaniwalaan na ang Diyos ay tunay na magliligtas sa tao mula sa mga kuko ni Satanas. Tulad ni Job, kung magagawa ng tao na magpasakop sa mga pagsasaayos at paghahanda ng Diyos, at magagawa niyang ibigay ang kanyang buong katauhan sa mga kamay ng Diyos, hindi ba't ang katapusan ng tao ay magiging katulad ng naging katapusan ni Job—ang pagkatanggap ng mga biyaya ng Diyos? Kung magagawa ng tao na tanggapin at magpasakop sa pamamahala ng Diyos, anong maiwawala roon? Kaya naman, iminumungkahi Ko na maging maingat kayo sa inyong mga kilos, at maingat sa lahat ng bagay na parating sa inyo. Huwag maging pangahas o pabigla-bigla, at huwag tratuhin ang Diyos at ang mga tao, mga usapin, at mga bagay-bagay na inayos Niya para sa inyo ayon sa tindi ng inyong damdamin o inyong kalikasan, o ayon sa inyong mga guni-guni at kuru-kuro; dapat kayong maging maingat sa inyong mga kilos, at dapat kayong manalangin at magsumikap nang higit pa, upang maiwasan ninyo ang pag-udyok sa galit ng Diyos. Tandaan ito!

Hinango mula sa "Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo II" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Para sa ilan, sa sandaling mahayag ang kanilang katiwalian, iniisip nila, “Nalabanan ko na naman ang Diyos; nanalig na ako sa Kanya nang maraming taon, pero hindi pa rin ako nagbabago. Tiyak na ayaw na sa akin ng Diyos!” Anong klaseng saloobin ito? Sumuko na sila sa sarili nila, at iniisip nila na ayaw na sa kanila ng Diyos. Hindi ba ito maling pagkaunawa sa Diyos? Kapag napakanegatibo mo, napakadali para kay Satanas na makahanap ng mga kahinaan sa iyo, at kapag nagtagumpay ito, mahirap nang isipin ang mga ibubunga nito. Samakatuwid, gaano ka man nahihirapan o gaano man kanegatibo ang damdamin mo, huwag kang sumuko kailanman! Sa proseso ng paglago sa buhay at habang naliligtas, kung minsa’y mali ang landas na tinatahak ng mga tao o naliligaw sila ng landas. Sumandaling nakikita sa kanila na medyo isip-bata sila sa kanilang buhay, o kung minsa’y nanghihina at nagiging negatibo sila, nagsasalita ng mga maling bagay, nadudulas at nadadapa, o nagdaranas ng kabiguan. Sa paningin ng Diyos, normal lahat ang gayong mga bagay, at hindi Siya magrereklamo tungkol doon. Ang makita kung gaano kalabis ang katiwalian nila, na hindi nila kailanman mapasasaya ang Diyos, ay nagdudulot ng sakit sa puso ng ilang tao, at ang mga taong may kakayahang magsisi ang kadalasang pakay ng kaligtasan ng Diyos. Yaong mga hindi nadaramang kailangan nila ng kaligtasan, na ang tingin nila sa sarili ay perpekto na, ay hindi siyang maliligtas ng Diyos. Bakit sinasabi ko ito sa inyo? Ang ibig kong sabihin ay dapat kang magkaroon ng pananampalataya: “Sa kabila ng katotohanang mahina na ako ngayon, at bumagsak ako at nabigo, balang araw ay lalago ako, balang araw ay mabibigyan ko ng kasiyahan ang Diyos, mauunawaan ang katotohanan, at maliligtas.” Dapat kang magkaroon ng ganitong pananampalataya. Kahit pa anong mga dagok, paghihirap, o pagkabigo at pagbagsak, hindi ka dapat maging negatibo; dapat mong malaman kung anong uri ng mga tao ang inililigtas ng Diyos. Dagdag dito, kung pakiramdam mong hindi ka karapat-dapat para sa kaligtasan ng Diyos, kung nasa kalagayan ka paminsan-minsan kung saan sa tingin mo ay kasuklam-suklam o hindi ka kanais-nais sa Diyos, o kung mayroong panahon sa nakaraan na hindi ka lubusang

tinanggap o tinanggihan ka ng Diyos, huwag mag-alala. Ngayong alam mo na ito ngayon, at sa gayon ay hindi pa huli ang lahat; basta ikaw ay magsisi, bibigyan ka ng Diyos ng pagkakataong maligtas.

Hinango mula sa “Pagpasok sa Buhay ang Pinakamahalaga sa Pananalig sa Diyos” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

May ilang mga tao na nakagawa ng maliit na pagkakasala ang magpapalagay: Pababagsakin ba ako ng Diyos? Ang Diyos ay hindi naparito sa panahong ito upang pabagsakin ang mga tao, nguni’t sa halip ay upang iligtas ang mga tao sa pinakamalaking lawak na posible. Sino ang lubos na malaya mula sa mga pagkakamali? Kung ang lahat ay pababagsakin, sa gayon paano ito matatawag na kaligtasan? Ilang mga pagkakasala ang ginagawa nang sadya at ang ibang mga pagkakasala ay ginagawa nang hindi sinasadya. Sa mga bagay na hindi sinasadya, maaari kang magbago matapos mong aminin ang mga yaon, kaya pababagsakin ka ba ng Diyos bago ka magbago? Ganito ba kung paano inililigtas ng Diyos ang mga tao? Hindi ganoon! Hindi alintana kung ikaw ay nagkakasala nang hindi sinasadya o dahil sa suwail na kalikasan, tandaan lamang: Magmadali at gumising sa realidad! Sumulong ka; anuman ang sitwasyong dumarating, dapat kang sumulong. Ang Diyos ay gumagawa upang iligtas ang mga tao at hindi Niya sapalarang pababagsakin ang mga taong nais Niyang iligtas. Hindi alintana ang antas ng iyong pagpapabago, kung sakali mang pinabagsak ka ng Diyos sa katapusan, kung gayon tiyak na gagawin Niya ito sa pagkamatuwid; kapag dumating ang panahong iyon, ipauunawa Niya ito sa iyo. Sa ngayon ang tanging responsibilidad mo ay ang sumulong, hanapin ang pagpapabago at hanapin na mabigyang-kasiyahan ang Diyos; dapat mo lamang na pagmalasakitan ang pagtupad ng iyong tungkulin ayon sa kalooban ng Diyos. Walang pagkakamali rito! Sa kasukdulan, anuman ang pamamaraan kung paano ka pinakikitunguhan ng Diyos, palagi itong ginagawa sa pagkamatuwid; hindi ka dapat magduda rito o mag-alala tungkol dito; kahit na hindi mo nauunawaan ang pagkamatuwid ng Diyos sa ngayon, darating ang araw na

ikaw ay makukumbinsi. Ang Diyos ay tiyak na hindi tulad ng isang opisyal ng gobyerno o ng hari ng mga dyablo! Kapag inyong maingat na sinubukang unawain ang aspetong ito, sa gayon kayo sa huli ay matatag na maniniwala na ang gawain ng Diyos ay ang pagliligtas ng mga tao at pagpapabago sa mga disposisyon ng mga tao. Yamang ito ay ang gawain ng pagpapabago ng mga disposisyon ng mga tao, kapag ang mga tao ay hindi ibinunyag ang kanilang mga disposisyon, sa gayon ay walang maaaring magawa at walang magiging mga resulta. Subali't matapos mong maibunyag ang iyong disposisyon, ang pagpapatuloy ay magiging magulo, ito ay makakasiphayo sa administratibong mga atas at makakasakit sa Diyos. Paminsan-minsan hindi mo namamalayang ikaw ay nagiging talipandas at itinuturo sa iyo ito ng Diyos, pinupungusan ka, at pinakikitunguhan ka; kung gagawa ka nang mas mahusay, hindi ka papapanagutin ng Diyos. Ito ang normal na proseso ng pagpapabago; ang tunay na kabuluhan ng gawain ng pagliligtas ay ipinakita sa ganitong proseso. Ito ang susi!

Hinango mula sa "Ang Kalooban ng Diyos ay Iligtas ang Mga Tao Hangga't Maaari" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Mula sa pasimula, madalas Ko na kayong hinimok na dapat hanapin ng bawat isa sa inyo ang katotohanan. Hangga't may pagkakataon pa itong gawin, huwag kayong susuko; ang paghahanap sa katotohanan ay obligasyon, responsibilidad, at tungkulin ng bawat isang tao, at siyang landas na dapat lakaran ng bawat tao, pati na ang landas na dapat lakaran ng lahat ng maliligtas. Ngunit walang dumirinig nito—walang nag-iisip na isa itong mahalagang bagay, naniniwalang pabalbal na salita lamang ito, iniisip ng bawat tao kung ano ang balang maibigan nila. Ito ang dahilan kung bakit, mula sa pasimula hanggang sa ngayon, bagama't marami na ang humahawak ng mga aklat ng mga salita ng Diyos sa kanilang mga kamay at binabasa ang mga ito, ang nakikinig sa mga pangaral, ang tila tumanggap nang lahat ng paghatol at pagkastigo sa panahon ng pagtupad ng kanilang mga tungkulin, at ang tumatanggap ng patnubay ng Diyos,

kung tutuusin, hindi naitatag ang isang kaugnayan sa pagitan ng tao at ng Diyos, at nagagabayan ang lahat ng ta ng kanilang mga imahenasyon, kuro-kuro, maling-pagkaunawa, at spekulasyon, namumuhay sila bawat araw sa pag-aalinlangan at pagiging negtibo sa kung paano nila tinatrato ang mga salita at gawain ng Diyos, pati na ang Kanyang patnubay. Kung nabubuhay ka sa gayong mga kalagayan, paano mo matatalikdan ang kanegatibuhan? Paano mo matatalikdan ang kahimagsikan? Paano mo matatalikdan ang kaisipan at saloobin ng panlilinlang at kasamaan na sa pamamagitan nito ay hinaharap mo ang tagubilin at tungkuling ibinigay sa iyo ng Diyos? Tiyak na hindi matatalikdan ang mga ito. Samakatwid, kung hangad mong tahakin ang isang landas ng paghahanap at pagsasagawa sa katotohanan at ng pagpasok sa katotohanang realidad, dapat kang pumaroon kaagad sa harapan ng Diyos, manalangin sa Kanya, at subukang unawain ang Kanyang kalooban—at maunawa na ang Kanyang kalooban ang pinakamahalaga sa lahat. Dapat mong gawin ito sa halip na ibuhay ang iyong mga araw sa mga kaisipan at ideyang nasa isip mo, na palaging nagtataka: Ano bang iniisip ko? Ano ba ang nais ko? Anong uri ng mga maling–pagkaunawa at paniwala ang mayroon ako patungkol sa Diyos? Sa anong mga bagay ko ba kinukuwestiyon ang Diyos? Ano ba ang nagawa ng Diyos na nakapanakit sa akin, o ikinalungkot ko, o nakapagpabangon ng mga spekulasyon at pag-aalinlangan sa akin? Kung abalang-abala ka buong araw sa malalim na pag-iisip sa mga bagay na ito, magagawa mo bang maunawaan ang katotohanan? Mas malayo ang marating mo sa landas na ito, mas lumalalim ang mga maling-pagkaunawa mo sa Diyos at lalong lalayo ang kaugnayan mo sa Kanya; masasabi na habang mas malayo ang nararating mo, mas marami kang maiipong masasamang gawa at paglabag. Maaari mong tuparin ang iyong tungkulin, subalit habang ginagawa mo ito, may walang-ingat, padaskul, lumalaban, at walang-pitagang saloobin, sa diskarte kung paano mo tinutupad ang iyong tungkulin at mga responsibilidad. Ano ang dapat na ibungang resulta nito sa huli? Ang ibubunga nitong resulta ay ganito, sa mga panahong iyon na nagdurusa ka at tumutupad ng iyong tungkulin, hindi mo matatamo ang

katotohanan, ni hindi mo kayang tamuhin ito o makapasok sa katotohanang realidad. Ano ang dahilan na nagdudulot sa resultang ito? Dahil ito sa may mga kuro-kuro at maling-pagkaunawa patungkol sa Diyos sa mga puso ng mga tao—hindi nalutas ang mga praktikal na problemang ito. Kung gayon, laging may agwat sa pagitan ng tao at ng Diyos. Kaya, kung hinahangad ng tao na lumapit sa harapan ng Diyos, dapat muna niyang lutasin ang anumang maling-pagkaunawa, pati na ang anumang kuro-kuro, katanungan, espekulasyon at imahenasyon, ang mayroon pa rin siya patungkol sa Diyos. Dapat niyang siyasatin ang mga bagay na ito sa loob niya. Kung talagang may mga kuro-kuro at maling-pagkaunawa ang isang tao patungkol sa Diyos, hindi ito isang simpleng problema. Kung hindi natamo ng taong iyon ang katotohanan at hindi nila nilulutas ang kanilang mga kuro-kuro at maling-pagkaunawa sa pamamagitan ng paghahanap sa katotohanan, kusang maglalaho ang mga bagay na ito. Bagama't maaaring hindi ito makaapekto sa pagtupad mo ng iyong tungkulin o sa paghahanap mo sa katotohanan, kapag nakakasagupa ka ng ilang mga bagay o mga partikular na sitwasyon, muling lilitaw ang mga ito at patuloy nilang gagawin ang gayon hanggang sa nalutas mo na ang mga ito. Ang lumapit sa Diyos nang binubulay-bulay ang sarili ay isang pangunahing paraan upang malutas ang mga kuro-kuro at maling-pagkaunawa ng tao sa Diyos, at habang nalulutas ang bawat usapin, bahagyang mas nagiging normal ang kaugnayan ng tao sa Diyos, at uusad ang buhay ng tao tungo sa kahustuhan. Sa sandaling nalulunasan ng tao ang marami sa kanilang mga kuro-kuro at maling-pagkaunawa, lumiliit nang lumiliit ang agwat sa pagitan nila at ng Diyos, at lumalago ang kanilang pananampalataya—at sa pamamagitan ng dakilang pananampalataya, mas kakauting bagay ang nakakaapekto sa pagsasagawa ng isang tao ng katotohanan, at mas kakaunting kasiraan at kahadlangan ang naroroon sa paghahanap ng isang tao ng katotohanan.

Hinango mula sa "Sa Paghahanap Lamang sa Katotohanan Malulutas ng Tao ang Kanilang mga Paniwala at Maling-Pagkaunawa sa Diyos" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Paminsan-minsan, ginagamit ng Diyos ang isang bagay upang ilantad ka o disiplinahin ka. Kung gayon ba ay nangangahulugan iyan na naalis ka na? Nangangahulugan ba iyan na katapusan mo na? No. Para itong kapag sumuway at nagkamali ang isang bata; maaari siyang kagalitan at parusahan ng kanyang mga magulang, ngunit kung hindi maarok ng bata ang layon ng kanyang mga magulang o nauunawaan kung bakit nila siya tinatrato nang ganito, magsisimula siyang mag-isip kung totoong anak siya nila. Ano ba talaga ang dahilan sa likod ng mga kilos ng mga magulang ng isang tao? Iyon ay para turuan ka ng leksyon, at una sa lahat ay upang seryosohin mo nila ang kanilang sinasabi sa hinaharap, magawa mo ang inuutos sa iyo, kumilos ka alinsunod sa kanilang payo, at huwag kang gumawa ng anuman na sumusuway sa kanila o ipag-aalala nila, at sa gayon ay nakamtan na nila ang hinangad nilang epekto. Kung nakinig ka sa iyong mga magulang, hindi ka ba uunlad? At hindi ba hindi na sila mag-aalala? Hindi ba sila masisiyahan sa iyo pagkatapos noon? Kakailanganin pa ba nilang parusahan ka nang gayon? Sa gayon, sa maraming pagkakataon, ang pag-aalala ng mga tao ay nagmumula sa kanilang sariling mga interes. Sa pangkalahatan, natatakot sila na baka wala silang kahinatnan: “Kung sakaling ilantad at alisin ako ng Diyos, at itakwil ako, wala akong magagawa; kung sinabi Niya na ayaw Niya sa akin, ayaw nga Niya sa akin.” Ito ang maling interpretasyon mo sa Diyos; nasa isip mo lamang ang mga ito. Kailangan mong alamin kung ano ang layon ng Diyos. Ang layunin ng Diyos sa paglalantad ng mga tao ay hindi para alisin sila, kundi para palaguin sila. Maliban pa riyan, iniisip mo kung minsan na inilalantad ka, nguni’t sa katunayan ay hindi. Kadalasan, dahil mahina ang kakayahan ng mga tao at hindi nila naiintindihan ang katotohanan, idagdag pa riyan ang kanilang kayabangan, gusto nilang magpakitang-gilas para mapansin ng iba, mapagrebelde ang kanilang disposisyon, walang matapat na intensyon, walang malasakit, at walang interes sa kapakanan ng iba, hindi mahusay magtrabaho, at hindi ginagampanan nang tama ang kanilang tungkulin. Sa kabilang banda, hindi mo inaalala kung minsan ang mga prinsipyong naituro sa iyo, na parang pumapasok lang sa isang tainga

at lumalabas din sa kabilang tainga. Ginagawa mo kung ano ang gusto mo, mas inuuna ang sarili kaysa bahaginan ang iba at pagiging batas mo na sa sarili mo. Walang gaanong kabuluhan ang ginagawa mo at salungat sa prinsipyo. Sa bagay na ito, dapat kang disiplinahin—nguni't paanong masasabi na ikaw ay naalis na? Dapat mong harapin ito nang wasto. Ano ang wastong paraan sa pagharap dito? Sa mga bagay na hindi mo naiintindihan ang katotohanan, dapat kang maghanap. Hindi mo lamang aalamin ang doktrina, at pagkatapos ay wala ka nang gagawin. Dapat mong maunawaan ang kalooban ng Diyos at unawain ang prinsipyo kung paano ginagawa ng pamilya ng Diyos ang isang gawain. Ano ang prinsipyo? Ang prinsipyo ay hindi doktrina. May ilang pamantayan ito, at dapat mong alamin ang kahatulan sa paggawa ng mga gayong bagay, ano ang naiutos ng nasa itaas pagdating sa gayong gawain, kung ano ang sinasabi ng mga salita ng Diyos tungkol sa pagganap sa ganitong uri ng tungkulin, at kung paano makakatugon sa kalooban ng Diyos. Ano ang mga pamantayan para makatugon sa kalooban ng Diyos? Pagkilos ayon sa mga prinsipyo ng katotohanan. Sa pangmalawakan, ang tagubilin ay unahin ang mga kapakanan ng pamilya ng Diyos at ang gawain ng pamilya ng Diyos. Sa mas makitid na saklaw, sa lahat ng aspeto, hindi dapat magkaroon ng malalaking problema, at walang kahihiyan ang dapat madala sa Diyos. Kung makakabisa nang lubos ng mga tao ang mga prinsipyong ito, unti-unti bang mapapawi ang kanilang mga pag-aalala? At unti-unti rin bang mababawasan ang maling pagkaintindi nila? Kapag isinantabi mo ang mga maling pagkaintindi mo, at wala kang ideya na hindi makatwiran tungkol sa Diyos, mababawasan din ang matinding pagkontrol sa iyo ng mga negatibong bagay at matatanganan mo nang wasto ang mga gayong bagay. Kaya mahalagang saliksikin ang katotohanan at hangaring maunawaan ang kalooban ng Diyos.

Hinango mula sa "Sa Pagsasagawa Lamang ng mga Salita ng Diyos Nagkakaroon ng Mga Pagbabago sa Disposisyon" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung may usaping dumating sa iyo at mahahanap mo ang

katotohanan, maaari mong maunawaan ang isang aspekto ng katotohanan at matamo ang aspektong iyon ng katotohanan. Ano ba ang maaaring matamo sa pag-unawa sa katotohanan? Kapag nauunawaan mo ang isang aspekto ng katotohanan, nauunawaan mo ang isang aspekto ng kalooban ng Diyos, at nauunawaan mo kung bakit binisita ng Diyos ang bagay na ito sa iyo, kung bakit ganoon na lamang ang hinihingi Niya mula sa iyo, kung bakit magsasaayos Siya ng mga pangyayari upang kastiguhin at disiplinahin ka nang ganoon, kung bakit gagamitin Niya ang bagay na ito upang disiplinahin ka, at kung bakit nabuwal, nabigo, at nalantad ka sa bagay na ito. Kung kaya mong maunawaan ang mga bagay na ito, magagawa mong hanapin ang katotohanan at makakamit ang pagpasok sa buhay. Kung hindi mo kayang maunawaan ang mga bagay na ito at hindi tinatanggap ang mga katunayang ito, manapa'y iginigiit na sumalungat at lumaban, tungkol sa paggamit mo ng sarili mong mga teknik upang pagtakpan ang iyong sarili, sa pagharap mo sa iba at sa pagharap mo sa Diyos nang may huwad na anyo, kung gayon, hindi mo magagawang matamo ang katotohanan magpakailanman.

Kung may saloobin ka ng katapatan at ng pagtanggap sa katotohanan; gaano man kahirap itong pasanin, at mawala man ang iyong katanyagan, kung tinatrato mo naman ang mga bagay na ito na may saloobing nagpapasakop sa katotohanan at minamahal ito; kapag lumalapit ka sa Diyos upang hanapin at tanggapin ang mga ito, at, habang tinatanggap mo ang mga ito, sinusuri mong mabuti at binubulay-bulay mong walang tigil ang lahat ng ginagawa mo at lahat ng ibinubunyag mo, at ang mga motibo mo—sa gayon, may magagawa kang progreso, at magagawa ang katotohanan sa iyo nang wala kang kamalay-malay. At kapag nalulutas na ang mga problemang ito, at ang iyong saloobin, pananaw, at kalagayan kapag nakakasagupa ka ng usapin ay lalong nagiging positibo, magkakaroon pa rin kaya ng agwat sa pagitan mo at ng Diyos? Kahit pa mayroon, liliit ito nang liliit, at ang mga katanungan mo patungkol sa Diyos, pati na ang iyong mga espekulasyon, maling-pagkaunawa, hinanakit, kahimagsikan, at paglaban sa Kanya, ay mas kakaunti nang kakaunti.

Kapag mas kaunti na lamang ang mga bagay na ito, at, kapag may bagay na dumarating sa iyo, magiging mas mahinahon ka; magiging tahimik ka at hahanapin ang tamang landas ng pagsasagawa. Kung, sa tuwing dumarating sa iyo ang isang pangyayari, nababalisa ka, at laging ninanais na gamitin ang mga pamamaran ng tao, nang hindi hinahanap ang katotohanan, kung gayon, magulo ito. Tiyak na aasa ka sa mga pamamaraan ng tao upang harapin ito—ito ang unang reasyon na pumapasok sa isip ng tao, kaya't heto na ang madudulas na pamamaraan, ang mga "tusong'" teknik, at ang mga pilosopiya para mabuhay. May mga taong pinahirapan ng mga bagay na ito sa loob ng matagal na panahon, mga hindi inilalapat ang kanilang sarili tungo sa katotohanan, sa halip palaging ipinagtataka kung paano gamitin ang mga teknik ng tao; matagal na silang nahihirapan na anupa't maputla na sila sa matinding pagod. Ganito kaawa-awa ang tao kapag hindi niya isinasagawa o hinahanap ang katotohanan. Bagama't maaaring maluwag sa loob mong tinutupad ang iyong tungkulin sa ngayon, at nagsasakripisyo ka at ginugugol ang iyong sarili nang maluwag sa iyong loob, kung ang iyong mga maling-pagkaunawa, espekulasyon, pag-aalinlangan, o hinanakit patungkol sa Diyos, o kahit pa nga ang iyong kahimagsikan at paglaban sa Kanya ay hindi nalulutas, o kung ang iba't ibang mga pamamaraan at teknik na ginagamit mo upang labanan Siya o tanggihan ang Kanyang kataas-taasang kapangyarihan sa iyo ay hindi nalulutas, kung gayon, magiging halos imposible para sa katotohanan na rendahan ka, at magiging nakakapagod ang buhay mo. Madalas na naghihirap at pinapahirapan ang mga tao sa mga negatibong kalagayang ito, nagkakakawag sila na para bang lumubog sa isang putikan, laging nabubuhay sa mga katotohanan at kasinungalingan, sa mga tama at mali. Paano nila matutuklasan ang katotohanan? Upang mahanap ang katotohanan, dapat munang magpasakop ang isang tao. Pagkaraan ng panahon ng karanasan, magagawa nilang makita ang ilang mga resulta, sa puntong madali nang maunawaan ang katotohanan. Kung laging sinusubukan ng isang tao na alamin kung ano ang tama at mali at maipit sa kung ano ang totoo at di-

totoo, wala silang paraan upang tuklasin o unawain ang katotohanan. At kung hindi kailanman mauunawaan ng isang tao ang katotohanan, ano ang kahahantungan nito? Bumabangon ang mga maling-pagkaunawa dulot ng hindi pag-unawa sa katotohanan; dahil sa maling-pagkaunawa, madaling makaramdam ng pagkaapi, kapag sumabog ang hinanakit, nagiging paglaban ang mga ito, ang paglaban ay dagling nagiging paglabag; at ang maraming paglabag ay dagliang nagiging patun-patong na kasamaan, kaya't dapat nang parusahan ang isang tao. Ito ang uri ng masamang bunga na maaaring idulot nito. Kaya, ang paghahanap sa katotohanan ay hindi lamang para patuparin ka ng iyong tungkulin nang mabuti, para maging masunurin, para kumilos nang ayon sa mga alintuntunin, para magmukhang deboto, o para magkaroon ng mala-santong asal at kilos. Hindi lamang ito iniuukol upang lutasin ang gayong mga usapin, kundi upang lutasin ang lahat ng uri ng maling pananaw na sa pamamagitan ng mga ito tinatrato mo ang Diyos. Ang layunin ng pag-unawa sa katotohanan ay upang lutasin ang mga tiwaling disposisyon ng tao; kapag nalulutas ang mga tiwaling disposisyong iyon, hindi na magkakaroon pa ng maling-pagkaunawa ang tao tungkol sa Diyos, at unti-unting bubuti at lalong magiging normal ang kaugnayan sa pagitan ng tao at ng Diyos. Sa sandaling malutas ang isang tiwalng disposisyon, malulutas lahat ng mga agam-agam, paghihinala, maling-pagkaunawa, katanungan, at hinanakit ng tao patungkol sa Diyos, pati na ang kanyang paglaban at kahit pa ang panunubok niya sa Diyos nang unti-unti. Ano ang mabilis na kahayagang nagaganap kapag nalulutas ang isang tiwaling disposisyon? (Nababago ang saloobin ng tao patungkol sa Diyos.) Sa anong mga paraan nahahayag ang bawat isa sa mga saloobing mayroon ang tao patungkol sa Diyos? Nahahayag ang mga ito sa bawat pangyayaring dumarating sa iyo, sa pagtrato mo rito, sa saloobin mo tungkol dito, sa una mong reaksyon, at sa iyong kalagayan. Ano ang nagpapasya ng iyong saloobin? Napagpapasyahan ito sa pamamagitan ng kung taglay mo ba ang katotohanan para sa bagay na ito, kung hinanap mo ba ang katotohanan, kung hangad mo bang matamo ang katotohanan, at kung nauunawaan mo

ba ang katotohanan. Sa paanong paraan nahahayag ang isang bumuting kaugnayan sa pagitan ng tao at ng Diyos? Nahahayag ito sa kung paano mo tinatrato ang mga tao, pangyayari, at bagay na nakakasagupa mo sa pang-araw-araw na buhay. Kasama ba rito ang pagtupad ng tungkulin? (Kasama ito.) Iyon ang kaugnayan. Ito ang dahilan kung bakit napakahalaga ng pagsasagawa at paghahanap sa katotohanan! Kung hindi mo hinahanap ang katotohanan, ngunit nais pa ring lutasin ang problema ng iyong mga kuro-kuro, hinanakit at maling-pagkaunawa patungkol sa Diyos, magagawa mo ba ito? May ilang taong nagsasabi na simple silang mag-isip kaya't hindi bumabangon ang mga kaisipang ito sa kanila. Nagagawa ba nilang makamit ito? Nagmumula ba ang isang tiwaling disposisyon sa pag-iisip? Hindi ito nagmumula sa pag-iisip—ito ang buhay ng tao, at umaasa ang tao rito upang mabuhay. Ang ugat nito ay nasasaloob ng tao at ito ang diwa ng tao. Walang anumang kaparaanan ang tao upang sugpuin ito o alisin ito. Sa paggamit lamang ng katotohanan malulutas ang mga bagay na ito.

Hinango mula sa "Sa Paghahanap Lamang sa Katotohanan Malulutas ng Tao ang Kanilang mga Paniwala at Maling-Pagkaunawa sa Diyos" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kapag hindi nauunawaan ng mga tao ang Diyos at hindi nalalaman ang Kanyang disposisyon, hindi kailanman magagawang tunay na magbukas sa Kanya ang kanilang mga puso. Sa sandaling maunawaan na nila ang Diyos, magsisimula silang pahalagahan at lasapin kung ano ang nasa Kanyang puso nang may interes at pananampalataya. Kapag pinahahalagahan at nilalasap mo kung ano ang nasa puso ng Diyos, ang iyong puso ay dahan-dahan, unti-unting, nagbubukas sa Kanya. Kapag nagbubukas ang iyong puso sa Kanya, madarama mo kung gaano kahiya-hiya at kasuklam-suklam ang iyong mga pakikitungo sa Diyos, ang iyong mga hinihingi sa Diyos, at ang iyong sariling labis-labis na mga pagnanais. Kapag tunay na nagbubukas sa Diyos ang iyong puso, makikita mo na ang Kanyang puso ay isang walang hanggang mundo, at papasok ka sa isang dako na hindi mo pa naranasan kailanman. Sa dakong ito ay walang

pandaraya, walang panlilinlang, walang kadiliman, at walang kasamaan. Mayroon lang kataimtiman at katapatan; tanging liwanag at karangalan; tanging katuwiran at kagandahang-loob. Puno ito ng pagmamahal at pagmamalasakit, puno ng habag at pagpapaubaya, at sa pamamagitan nito ay nararamdaman mo ang kaligayahan at kagalakan ng pagiging buhay. Ang mga bagay na ito ang ibubunyag sa iyo ng Diyos kapag binuksan mo ang iyong puso sa Kanya. Ang walang hanggang mundong ito ay puno ng karunungan at walang hanggang kapangyarihan ng Diyos; puno rin ito ng Kanyang pag-ibig at ng Kanyang awtoridad. Makikita mo rito ang bawa't aspeto ng kung anong mayroon at kung ano ang Diyos, kung ano ang nagbibigay sa Kanya ng kagalakan, kung bakit Siya nag-aalala at kung bakit Siya nalulungkot, kung bakit Siya nagagalit…. Ito ang makikita ng bawa't isang tao na nagbubukas ng kanilang puso at tinutulutang makapasok ang Diyos. Makapapasok lang sa iyong puso ang Diyos kung bubuksan mo ito sa Kanya. Makikita mo lang kung anong mayroon at kung ano ang Diyos, at makikita mo lang ang Kanyang mga intensyon para sa iyo, kung nakapasok na Siya sa iyong puso. Sa sandaling iyon, matutuklasan mo na napakahalaga ng lahat ng tungkol sa Diyos, na talagang karapat-dapat pakaingatan ang kung anong mayroon at kung ano Siya. Kumpara roon, ang mga taong nakapaligid sa iyo, ang mga bagay at mga pangyayari sa iyong buhay, at maging ang iyong mga mahal sa buhay, ang iyong kapareha, at ang mga bagay na iyong minamahal, ay hindi man lang karapat-dapat na banggitin. Napakaliit ng mga ito, at napakababa; mararamdaman mo na walang materyal na bagay ang muling makahahatak sa iyo, o na may anumang materyal na bagay ang muling makaaakit sa iyo na magbayad ng anumang halaga para rito. Sa pagpapakumbaba ng Diyos ay makikita mo ang Kanyang kadakilaan at ang Kanyang pangingibabaw. Higit pa rito, makikita mo ang walang hanggang karunungan ng Diyos at ang Kanyang pagpapaubaya sa ilang gawa Niya na pinaniwalaan mo noon na masyadong maliit, at makikita mo ang Kanyang pagtitiyaga, ang Kanyang pagtitimpi, at ang Kanyang pag-unawa sa iyo. Magdudulot ito sa iyo ng pagsamba para sa Kanya. Sa araw na

iyon, mararamdaman mo na nabubuhay ang sangkatauhan sa isang maruming mundo, na ang mga taong nasa tabi mo at ang mga bagay na nangyayari sa iyong buhay, at maging yaong iyong iniibig, ang kanilang pag-ibig para sa iyo, at ang kanilang tinatawag na pag-iingat o ang kanilang malasakit para sa iyo ay hindi man lang karapat-dapat na banggitin—ang Diyos lang ang iyong minamahal, at ang Diyos lang ang pinakaiingatan mo sa lahat. Kapag dumating ang araw na iyon, naniniwala Ako na magkakaroon ng ilang tao na nagsasabing: Napakadakila ng pag-ibig ng Diyos, at napakabanal ng Kanyang diwa—sa Diyos ay walang panlilinlang, walang kasamaan, walang inggit, at walang alitan, kundi tanging katuwiran at pagiging tunay, at ang lahat ng kung anong mayroon at kung ano ang Diyos ay dapat kasabikan ng mga tao. Dapat itong pagsikapan at hangarin ng mga tao. Sa anong batayan nakatayo ang kakayahan ng mga tao na makamtam ito? Nakatayo ito batay sa pagkaunawa nila sa disposisyon ng Diyos, at sa kanilang pagkaunawa sa diwa ng Diyos. Kaya ang pag-unawa sa disposisyon ng Diyos at kung anong mayroon at kung ano Siya, ay isang panghabang-buhay na aral sa bawa't tao; isang panghabang-buhay na mithiin na hinahangad ng bawa't tao na nagsisikap na mabago ang kanilang disposisyon, at nagsisikap na makilala ang Diyos.

Hinango mula sa "Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo III" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

III. Tungkol sa Mga Prinsipyo ng Buhay-Iglesia

58. Ang Mga Prinsipyo ng Pamumuhay ng Buhay-Iglesia

(1) Kinakailangang magbasa pa nang magbasa ng mga salita ng Diyos. Sa pamamagitan ng mga ito, dapat mong ibahagi ang iyong patotoo mula sa karanasan ng pagkilala sa iyong sarili at pagsasagawa ng katotohanan, at suportahan at pagkalooban ang isa't isa;

(2) Dapat mo ring sanayin ang iyong sarili na gampanan ang iyong tungkulin. Sa pagtupad nito, makilala mo ang sarili mong katiwalian at

matutong magpasakop sa katotohanan, gumawang matiwasay kasama ng iba, at isabuhay ang isang wangis ng tao;

(3) Kinakailangang tanggapin ang pagtatabas at pagsusuweto; Dapat hanapin ng isang tao ang katotohanan at kilalanin ang sarili, sa gayon madadalisay ang katiwalian ng isang tao. Pinakamainam ang pakinabang ng pagsasagawa sa ganitong paraan upang magkaprogreso sa buhay;

(4) Ibatay ang lahat ng bagay sa mga salita ng Diyos, huwag sa damdamin o mga pilosopiya para mabuhay. Maging maprinsipyo sa iyong mga pakikipag-ugnayan sa iba. Mahalin ang isa't isa, at subaybayan at tulungan ang isa't isa.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Sa pagpapatuloy, ang pag-uusap tungkol sa mga salita ng Diyos ang prinsipyong dapat mong sundin sa iyong pagsasalita. Karaniwan, kapag nagsasama-sama kayo, dapat kayong magbahaginan tungkol sa mga salita ng Diyos, na tinatanggap ang mga salita ng Diyos bilang nilalaman ng inyong mga pag-uusap, na pinag-uusapan kung ano ang alam ninyo tungkol sa mga salitang ito, kung paano ninyo isinasagawa ang mga ito, at kung paano gumagawa ang Banal na Espiritu. Basta't nagbabahagi ka ng mga salita ng Diyos, paliliwanagin ka ng Banal na Espiritu. Ang pagkakamit ng mundo ng mga salita ng Diyos ay nangangailangan ng pakikipagtulungan ng tao. Kung hindi mo ito papasukin, walang paraan ang Diyos upang gumawa; kung ititikom mo ang iyong bibig at hindi ka magbabahagi tungkol sa Kanyang mga salita, wala Siyang paraan para paliwanagin ka. Tuwing hindi ka naman abala, magbahagi ka tungkol sa mga salita ng Diyos, at huwag basta mag-abala sa walang-kabuluhang pagdadaldalan! Hayaan mong mapuspos ng mga salita ng Diyos ang buhay mo—saka ka lamang magiging isang tapat na mananampalataya. Hindi mahalaga kung paimbabaw ang iyong pagbabahagi. Kung walang kababawan, hindi magkakaroon ng kalaliman. Kailangan ay may isang proseso. Sa pamamagitan ng iyong pagsasanay, maiintindihan mo ang pagpapalinaw ng Banal na Espiritu sa iyo, at kung paano mas epektibong kainin at inumin ang mga salita ng Diyos. Pagkaraan ng isang agwat ng

pagsisiyasat, papasok ka sa realidad ng mga salita ng Diyos. Kung matibay kang nagpasiyang makipagtulungan, saka mo lamang matatanggap ang gawain ng Banal na Espiritu.

Hinango mula sa “Ang Kapanahunan ng Kaharian ay ang Kapanahunan ng Salita” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Madalas banggitin sa mga sermon ang pangangailangang magkaroon ng isang wastong buhay iglesia. Kaya bakit hindi pa umuunlad ang buhay ng iglesia, at kagaya pa rin ng dati? Bakit walang isang paraan ng pamumuhay na ganap na bago at naiiba? Normal kaya sa isang tao ng dekada nobenta na mamuhay na parang emperador ng nakaraang panahon? Bagama’t ang kinakain at iniinom ng mga tao ngayon ay masasarap na pagkain na bihirang matikman sa nakaraang mga panahon, walang malalaking pagbabago sa buhay iglesia. Kagaya lamang ito ng paglalagay ng lumang alak sa mga bagong bote. Ano kung gayon ang saysay ng napakaraming pagsasalita ng Diyos? Hindi nagbago ang mga iglesia sa karamihan ng mga lugar. Nakita Ko ito nang sarili Kong mga mata, at malinaw ito sa Aking puso; bagama’t hindi Ko naranasan ang buhay ng iglesia para sa Aking Sarili, lubos Kong alam ang mga kalagayan ng mga pagtitipon ng iglesia. Hindi pa sila gaanong umunlad. Bumabalik ito sa kasabihang—kagaya lamang ito ng paglalagay ng lumang alak sa mga bagong bote. Walang nagbago! Kapag mayroong nagpapastol sa kanila, nagliliyab sila na parang apoy, ngunit kapag walang sinumang sumusuporta sa kanila, para silang isang bloke ng yelo. Iilan lamang ang kayang makapagsalita tungkol sa praktikal na mga bagay, at napakadalang na may sinumang kayang mamuno. Bagama’t ang mga sermon ay matatayog, bibihirang may sinumang natamong makapasok. Kakaunting mga tao ang nagpapahalaga sa salita ng Diyos. Lumuluha sila kapag tinatanggap nila ang salita ng Diyos, masaya kapag isinasantabi nila ito, at walang kabuluhan at kulang sa ningning kapag lumalayo sila mula rito. Sa deretsahang pagsasalita, hindi ninyo talaga pinahahalagahan ang salita ng Diyos, at kailanma’y hindi ninyo nakikita ang mga salitang nagmumula sa

Kanyang bibig ngayon bilang isang yaman. Nagiging balisa ka lamang kapag nagbabasa ng Kanyang salita, at nakararamdam ng pagod kapag isinasaulo ito, at pagdating sa pagsasagawa ng Kanyang salita, para bang sinusubukan mong pihitin ang hawakan ng isang poso sa pamamagitan ng paghatak dito gamit ang isang buhok mula sa buntot ng isang kabayo—kahit gaano mo man katinding sikapin, talagang hindi mo makakayang maglabas ng sapat na lakas. Lagi kang sumisigla kapag nagbabasa ng salita ng Diyos, ngunit malilimutin kapag isinasagawa ito. Sa katunayan, hindi na kailangang sambitin nang buong ingat at ulitin nang buong tiyaga ang mga salitang ito; ngunit naging balakid sa gawain Niya ang katotohanang nakikinig lamang ang mga tao nang hindi isinasagawa ang mga salita ng Diyos. Hindi Ko maaaring hindi banggitin ito, hindi Ako maaaring hindi magsalita tungkol dito. Napipilitan Akong gawin ito; hindi dahil sa natutuwa Akong ibunyag ang mga kahinaan ng iba. Akala ba ninyo na humigit-kumulang sapat na ang inyong pagsasagawa—na kapag nasa tugatog na ang mga paghahayag, nasa tugatog na rin ang pagpasok ninyo? Ganoon ba kasimple iyon? Hindi ninyo kailanman sinisiyasat ang saligan kung saan itinatag sa huli ang inyong mga karanasan! Sa sandaling ito, walang pasubaling hindi matatawag na angkop na buhay iglesia ang mga pagtitipon ninyo, ni hindi man lamang sila bumubuo ng isang angkop na buhay espirituwal. Pagtitipon lamang ito ng isang kumpol ng mga tao na natutuwang magkuwentuhan at mag-awitan. Sa tuwirang pananalita, walang gaanong realidad dito. Upang higit na linawin, kung hindi mo isinasagawa ang katotohanan, nasaan ang realidad? Hindi ba pagyayabang ang sabihing mayroon kang realidad? Yaong mga palaging ginagampanan ang gawain ay mayayabang at mga mapagmataas, habang nananahimik at nananatiling nakatungo ang ulo ng yaong mga palaging sumusunod, nang walang anumang pagkakataon para magsanay. Walang ginagawa kundi mangusap ang mga taong gumagawa ng gawain, nagpapatuloy sa kanilang matatayog na pananalita, at nakikinig lamang ang mga tagasunod. Walang pagbabagong masasabi; mga pamamaraan lamang ng nakaraan ang lahat ng mga ito! Ngayon, ang kakayahan mong

magpasakop at hindi mangahas na manghimasok o kumilos kung paano mo gusto ay dulot ng pagdating ng mga atas administratibo ng Diyos; hindi ito pagbabagong pinagdaanan mo sa pamamagitan ng mga karanasan. Ang katotohanang hindi ka na nangangahas gawin ang ilang mga bagay na lumalabag sa mga atas administratibo ngayon ay dahil nagkaroon na ng malinaw na epekto ang gawain ng mga salita ng Diyos at nilupig na nito ang mga tao. Hayaan mo Akong tanungin ang kahit sino: Gaano karami sa mga napagtagumpayan mo ngayon ang nakamit mo sa iyong pagsusumikap? Gaano karami sa mga ito ang mismong sinabi sa iyo ng Diyos? Paano ka sasagot? Matutulala ka ba at hindi makapagsasalita? Bakit nagagawang magsalita ng iba tungkol sa marami nilang aktwal na mga karanasan upang pagkalooban ka ng pangangailangan mo sa buhay, habang tinatamasa mo lamang ang pagkaing niluto ng iba? Hindi ka ba nahihiya?

Hinango mula sa “Ang Isang Taong Nagkakamit ng Kaligtasan ay Yaong Nakahandang Isagawa ang Katotohanan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Makikita natin mula sa mga salita ng Diyos na, upang mailigtas at mabago tayo, hindi lamang Siya basta gumagawa ng ilang piraso ng gawain na nagbibigay ng patikim sa mangyayari o propesiya, at tapos na Siya kapag nagawa na ang gawaing iyon, at hindi rin Niya binabago ang panlabas na asal ng mga tao. Sa halip, simula sa pinakamalalim na kaibuturan ng ating mga puso at mula sa ating disposisyon at ating pinakadiwa, nais Niyang baguhin ang bawat isa sa atin, at binabago Niya ang bawat isa sa atin mula sa pinakapinagmumulan. Dahil ganito ang paraan ng Diyos sa paggawa, ano naman kaya ang dapat nating gawin sa ating mga sarili? Dapat tayong managot para sa ating mga disposisyon, sa mga hinahanap natin, at sa lahat ng bagay na ating ginagawa, at dapat tayong maging seryoso sa lahat ng bagay na ating ginagawa, huwag maging pabaya sa anumang bagay, at ipresenta ang lahat ng aspekto ng ating pag-uugali para sa masusing pagsisiyasat. Tuwing natatapos mong gawin ang isang bagay, ang mga bahagi na iniisip mong nagawa mo nang

tama ay dapat ipresenta para sa masusing pagsisiyasat—at, higit pa rito, ang bahagi naman na iniisip mo na nagawa mo nang mali ay dapat ding ipresenta para sa masusing pagsisiyasat. Kinakailangan dito na ang mga kapatid ay sama-samang gumugol nang mas maraming panahon na magsalamuha, maghanap, at magtulungan sa isa't isa. Kapag mas maraming pagbabahagi, mas maraming liwanag ang papasok sa ating mga puso; Sa gayon, bibigyan tayo ng Diyos ng kaliwanagan hinggil sa lahat ng ating usapin. Kung wala ni isa sa atin ang magsasalita, at nagpapakitang-tao lamang tayong lahat upang magmukhang mabuti, umaasang makapag-iiwan ng mabuting impresyon sa isipan ng iba at gusto nating maging mataas ang tingin nila sa atin at huwag nila tayong kutyain, kung gayon ay wala tayong paraan para umunlad. Kung palagi kang nagpapakitang-tao upang magmukhang mabuti, hindi ka uunlad, at mabubuhay ka sa kadiliman magpakailanman. Hindi mo rin magagawang makapagbago. Kung hinahangad mong magbago, kung gayon ay dapat kang magbayad ng halaga, itigil ang iyong pagbabalatkayo, at buksan ang iyong puso sa iba, at kapag ginawa mo ang gayon, makikinabang ka at ang ibang tao. Kapag sinasabi ng isang tao na, "Bakit hindi ka magsalita ng ilang mga bagay tungkol sa mga karanasan mo kamakailan?" walang nagsasalita tungkol sa mga usapin ng diwa; nagsusuri ng kanyang sarili o nagpapakatotoo. Kapag nagsasalita ang mga tao ng mga salita at doktrina, walang problema ang sinuman, subalit kapag napag-uusapan nila ang tungkol sa pagkilala sa kanilang mga sarili, walang makapagsalita. Kahit ang mga may kaunting kaalaman sa kanilang mga sarili ay hindi rin naman nangangahas na magpakatotoo; wala silang lakas ng loob na gawin iyon. Ano ngayon ang nangyayari? Kapag magkakasama ang mga tao, sumisipsip sila sa isa't isa sa pamamagitan ng pambobola. Walang sinuman ang handang ipakita ang tunay nilang pagkatao upang masuri at makilala ng lahat. Sa sandaling magkaroon na ng ganitong sitwasyon, matatamo pa ba ang isang tunay na buhay-iglesia? Hindi na. Nasasabi ng ilang tao na "Naranasan ko ang buhay-iglesia sa loob ng maraming taon, at pakiramdam ko lagi naman akong nasisiyahan; nararamdaman ko ang

kasiyahan sa bawat pagkakataon. Sa mga pagtitipon, kapag kami ay nananalangin at umaawit ng mga awit ng papuri, labis kaming naaantig kaya tumutulo ang luha sa aming mga mukha. Minsan napapakilos kami nang husto kaya't nagsisimula kaming pagpawisan, at ang lahat ng mga kapatid ay nagsasayawan at nag-aawitan. Napakaganda ng aming buhay-iglesia! Kapag kami ay kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, nararamdaman namin na nagsasalita Siya sa kaibuturan ng aming mga puso. Kapag kami ay nagsasalamuha, pakiramdam ng lahat ay nagpanibagong-lakas ang bawat isa." Ano ang resulta ng maranasan ang ganitong uri ng buhay-iglesia sa loob ng sampung taon o higit pa? Walang nagtutuon ng pansin sa pagiging matapat, walang nagsusuri ng kanyang sarili, walang nagbabahagi ng kanyang totoong kalagayan sa kanyang mga kapatid, walang naglalantad ng kanyang panloob na motibasyon at panloob na katiwalian. Ang sampung taon na iyon o higit pa na buhay-iglesia ay walang kabuluhan, ginugol lamang ang lahat sa pagsayaw-sayaw at pag-aawitan sa gitna ng mga damdamin ng mga tao at ng tinatawag na "kasiyahan." Saan ba nanggagaling ang gayong kasiyahan at kaligayahan? Nangangahas Akong sabihin na hindi ito ang hinahangad ng Diyos na makita, ni hindi ito nakalulugod sa Kanya, dahil ang hinahangad ng Diyos na makita ay ang pagbabago sa mga tao, at hangad Niyang makita na talagang isinasabuhay ng mga tao ang Kanyang mga salita. Hindi Niya hinahangad na makita na hawak-hawak mo ang mga himnaryo at umaawit o sumasayaw ng pagpupuri sa Kanya kapag dumadalo ka sa mga pagtitipon o nararamdaman mong maalab na maalab ka. Hindi Niya hinahangad na makita ang mga bagay na ito. Bagkus, kapag nakikita ng Diyos ang mga bagay na ito, namimighati at nasasaktan ang Kanyang puso, at lubhang nababalisa, dahil nakapagsalita na Siya ng milyun-milyong salita, subalit hindi naisakatuparan o naisabuhay ang mga ito ng sinuman sa inyo. Ito ang ipinag-aalala ng Diyos. Madalas, nakukuntento ka na pagkaraang maranasan ang buhay-iglesia. Kapag nararamdaman mo na medyo masaya ka at payapa, at kapag nakakaramdam ka ng kasiyahan o kaginhawahan o pakiramdam mo ay tila espirituwal mong natupad ang

pagbibigay-puri sa Diyos, iniisip mo na mahusay kang nanampalataya. Patuloy mong pinanghahawakan ang mga huwad na imaheng ito at itinuturing mo ang mga ito bilang iyong puhunan—bilang mga bagay na natamo mo sa iyong pananampalataya—at ginagamit mo ang mga ito bilang mga kahalili ng pagbabago sa iyong disposisyon at pagpasok sa landas tungo sa kaligtasan. Pakiramdam mo tuloy ay hindi mo na kailangang hanapin ang katotohanan o hangaring maging matapat; hindi mo sinusubukang magpakatotoo o isagawa ang mga salita ng Diyos. Sa kadahilanang ito, lubos na nag-aalala ang Diyos para sa iyo.

Hinango mula sa "Ang Pinakasaligang Pagsasagawa ng Pagiging Isang Taong Tapat" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ito ang uri ng kapaligirang dapat na mayroon sa loob ng iglesia—ang lahat ay nakatuon sa katotohanan at nagsusumikap na ito'y makamit. Hindi mahalaga kung gaano katanda o kabata ang mga tao, kung mga beteranong mananampalataya man sila o hindi, o kung gaano sila kahusay; ang mga bagay na dapat mong tingnan ay kung aling mga tao ang nagsasalita nang tama, aling mga tao ang nagsasalita alinsunod sa katotohanan, aling mga tao ang nagsasaalang-alang sa mga interes ng bahay ng Diyos at kung aling mga tao ang buong-pusong nagpapahalaga sa kanilang mga gawain nang higit sa lahat, aling mga tao ang may sapat na pagkaunawa tungkol sa mga positibong bagay, aling mga tao ang may parehong pananaw ng katuwiran, at aling mga tao ang handang humarap sa mga pagdurusa. Ang gayong mga tao ay dapat suportahan at palakpakan ng mga kapatid. Ang kapaligirang ito ng katuwiran na nagmumula sa paghahanap sa katotohanan ang dapat na mamayani sa loob ng iglesia; sa ganitong paraan, tatamuhin mo ang gawain ng Banal na Espiritu, at pagkakalooban ka ng Diyos ng mga pagpapala at patnubay. Kung ang kapaligirang namamayani sa loob ng iglesia ay ang pakikipagtsismisan, pakikialam sa isa't isa, pagtatanim ng sama ng loob sa isa't isa, paninibugho sa isa't isa, at pakikipagtalo sa isa't isa, tiyak ngang hindi gagawa sa inyo ang Banal na Espiritu. Ang pakikipag-alitan sa isa't

isa at palihim na awayan, pandaraya, panlilinlang, at pagbabalak ng masama laban sa isa't isa—ito ay kapaligiran ng kasamaan! Kung ang gayong kapaligiran ang namamayani sa loob ng iglesia, tiyak ngang hindi gagawin ng Banal na Espiritu ang Kanyang gawain. May sinabing isang partikular na pahayag ang Panginoong Jesus na may kaugnayan dito. Natatandaan ninyo ba kung ano iyon? ("Muling sinasabi Ko sa inyo, na kung pagkasunduan ng dalawa sa inyo sa lupa ang nauukol sa anomang bagay na kanilang hihingin, ay gagawin sa kanila ng Aking Ama na nasa langit. Sapagka't kung saan nagkakatipon ang dalawa o tatlo sa Aking pangalan, ay naroroon Ako sa gitna nila" (Mateo 18:19–20).) Ito ang katotohanan. Ginagawa ng Diyos ang Kanyang sinasabi. Kung sasalungat ka sa Kanyang kalooban at hindi gagawin ang Kanyang sinasabi, magiging malayo ang loob Niya sa iyo. Samakatuwid, palagi mong titingnan ang mga kamalian ng iba at pagtutuunan ng pansin kung ano ang kinaiinisan mo tungkol sa ibang mga tao, at pagtutuunan ang katotohanang hindi ka gusto ng iba. Magdudulot ito ng mga suliranin. Kung ang Banal na Espiritu ay hindi gumagawa sa iyo, kung hindi ka pinagpapala o ginagabayan ng Diyos, kung nagtitiwala ka lamang sa iyong sariling lakas at mga kaloob at kakayahan, wala sa mga ginagawa mo ang matatapos nang maayos, wala sa mga ginagawa mo ang maaayon sa kalooban ng Diyos, at gaano ka man magsumikap, magsasayang ka lamang ng lakas. Dahan-dahan ninyo itong matututuhan sa pamamagitan ng karanasan. Sa lahat ng inyong ginagawa, kailangang magkaisa ang inyong isipan. At paano magkakaisa ang inyong isipan? Kailangan ninyong isagawa ang katotohanan; saka lamang kayo magiging malakas na gaya ng isang bungkos ng mga patpat—magkakasama, at nagkakaisa ang isipan.

Hinango mula sa "Ang Pagkakaroon ng Wangis ng Tao ay Nangangailangan ng Maayos na Pagtupad ng Iyong Tungkulin Gamit ang Iyong Buong Puso, Isip, at Kaluluwa" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Nalikha ang buhay iglesia upang maranasan ng hinirang na mga tao

ng Diyos ang gawain ng Diyos. Ang buhay iglesia ay ang buhay ng pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, pag-unawa ng mga katotohanan, at pagpasok sa realidad. Ito rin ang buhay ng pagtanggap ng mga katotohanan, paglutas ng mga katiwalian, at pamumuhay na isang tunay na kawangis ng tao. Sa loob ng buhay iglesia, nararanasan ng hinirang na mga tao ng Diyos ang Kanyang paghatol at pagkastigo at pumapasok sa mga katotohanan upang matamo ang Kanyang pagliligtas; ganap na nakakamtan ang mga ito sa pamamagitan ng gawain ng Banal na Espiritu. Hindi madali para sa mga walang buhay iglesia na matamo ang gawain ng Banal na Espiritu, dahil ang buhay iglesia ay ang mismong lugar kung saan ang hinirang na mga tao ng Diyos ay kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, nagsasalamuha sa mga katotohanan, nagpapatotoo para sa Kaniya, at tinatamasa ang Kanyang pag-ibig. Ito rin ang lugar para sa pagsasanay ng kaharian, kung saan ang hinirang na mga tao ng Diyos ay makapaglilingkod at makapagbibigay ng tustos sa isa't isa, makatutupad sa kanilang mga tungkulin, at makapaglilingkod sa Diyos. Tanging sa pamumuhay sa loob ng buhay iglesia makapagtatamasa ang mga tao ng mas maraming gawain ng Banal na Espiritu at magagawang perpekto ng Diyos sa mas maraming kaparaanan, mauunawaan ang mga katotohanan at mas mabilis na makapapasok sa realidad ng mga salita ng Diyos, matatamo ang pagbabago sa kanilang disposisyon sa buhay, at magiging mga taong tunay na sumasamba at nagpapasakop sa Diyos. Ang karanasan ng hinirang na mga tao ng Diyos ay sapat na patunay na sa ating pananampalataya, kung wala tayong mabuting buhay iglesia, hindi natin matatamo kailanman ang Kanyang pagliligtas at pagpeperpekto. Isa itong hindi maikakailang katotohanan. Samakatuwid, isang mabuting buhay iglesia ang kailangan ng hinirang na mga tao ng Diyos; kailangang-kailangan din ito para sa hinirang na mga tao ng Diyos sa pagtatamo ng pagliligtas at pagiging perpekto. Sinumang lumayo mula sa buhay iglesia ay humiwalay rin mula sa gawain ng Banal na Espiritu; sinumang lumayo mula sa buhay iglesia ay ipinagkanulo ang Diyos. Ang gayong mga tao ay humukay na ng kanilang mga sariling libingan.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Kabilang sa buhay iglesia ngayon ang pagbabahagian sa katotohanan ayon sa mga salita ng Diyos at paglalantad ng iba't ibang tiwaling disposisyon ng mga tao upang maunawaan nila ang katotohanan sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos, malaman ang kanilang sariling tiwaling diwa, magawang isagawa ang katotohanan at makamit ang katotohanan, at sa huli ay matamo ang kaligtasan. Kung babasahin natin ang salita ng Diyos para sa mga layunin maliban sa maiwasto ang ating tiwaling disposisyon o upang makamit ang buhay at makamtan ang kaligtasan, nawawala ang kabuluhan ng pagbabasa natin ng salita ng Diyos. Sa relihiyon, madalas na sinasabi ng mga mananampalataya na pinatawad na ang kanilang mga kasalanan. Hindi nila binabanggit kailanman ang kanilang mga sariling paglabag, ni ang mga paglabag ng iba, at walang sinuman ang inilalantad ang sino pa, at namumuhay nang magkakasundo ang lahat. Hindi ba nila nililinlang ang kanilang mga sarili? Ang gayong pananampalataya sa Diyos ay hindi kailanman magiging daan patungo sa katotohanan, ni sa buhay. Sa huli, isa itong hungkag na bagay, pinagkaitan ng kabuluhan. Sa bahay ng Diyos, sa kabilang dako, ang paniniwala sa Kaniya ay nagsasaalang-alang sa realidad: Ang gawain ng Diyos sa mga huling araw ay hatulan, kastiguhin, linisin, at iligtas ang mga tao. Kung hindi natin tatanggapin ang paghatol at pagkastigo ng Diyos, paano maiwawasto ang ating mga tiwaling disposisyon? Paano natin maiaalis mula sa ating mga sarili ang lahat ng mga lason, mga pilosopiya, at mga batas ni Satanas? Kung hindi natin iwawasto ang mga katiwaliang ito, paano tayo maililigtas? Sa gayon, ang kailangang-kailangan at pangunahing bagay sa buhay iglesia ay kumain at uminom ng salita ng Diyos upang maunawaan ang katotohanan, at upang mailantad ang lahat ng uri ng mga tiwaling kalagayan nang sa gayon ay makilala ng mga tao ang mga ito. Isinisiwalat ng salita ng Diyos ang iba't ibang tiwaling disposisyon ng mga tao, na nagbubunyag, sa loob ng kanilang kalikasang

diwa, ng mga bagay na hindi madaling malaman. Kaya't habang ipinagbibigay-alam natin ang salita ng Diyos, dapat din nating ilantad at suriin ang mga tiyak na pagpapamalas ng iba't ibang tiwaling disposisyon na nailantad sa Kanyang salita, nang sa gayon, ang bawat kapatid ay maaaring tunay na makilala ang kanilang mga sarili, malinaw na mawari kung anong uri ng mga sanatikong disposisyon at lason ang nasa kanilang mga kalooban. Ito ang pinakabatayang gawain sa paghahangad ng kaligtasan, at ang pangunahing katangian din ng buhay iglesia.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

Ang kapaligiran ng buhay iglesia ay malaking pakinabang sa ating paglago sa buhay, na humahantong sa ating kaligtasan. May ganito bang kapaligiran sa lipunan? Sa lipunan, kung may kaunting matutuhan tungkol sa isang bagay at magkaroon ng kaunting kakayahan ang isang tao, lalo siyang magiging mapagmataas at unti-unting naiwawala ang kanyang pagiging kawangis ng tao. Ito ay dahil karima-rimarim ang kanilang kapaligiran, kahalintulad ng isang malaking kawa ng tina; sinumang pumapasok sa lipunan ay lalong magiging tiwali, lalong magiging di-makatao, at, sa wakas, higit na magiging mahalay, nagiging ang mismong diyablo. Samakatuwid, sa lipunan, hindi makapagkamit ng katotohanan ang mga tao. Gayunpaman, iba ang mga bagay kapag pumasok sila sa kapaligiran ng buhay iglesia. May ilang mga prinsipyo na dapat sundin upang matahak ang buhay iglesia: Una, dapat kumain at uminom ng salita ng Diyos ang mga tao at magsalamuha sa katotohanan; pangalawa, dapat sanayin ng mga tao ang kanilang mga sarili na gampanan ang kanilang mga tungkulin, at mamuhay na kawangis ng tao sa pagganap sa kanilang mga tungkulin; pangatlo, dapat magsagawa ng pagtatabas at pakikitungo ang mga kapatid nang sila-sila, at tulungan ang isa't isa. Kung wala ang pagtatabas at pakikitungo at damayan, mahirap para sa mga tao ang makilala ang kanilang mga sarili, at babagal ang kanilang paglago. Sa iglesia, tahasang nagsasalita ang ilang mga tao, habang nagsasalita nang may kabatiran ang ilan; may bahagyang pagkiling o maling pananaw sa

mga bagay ang ilang tao, habang tinitingnan ng iba ang mga bagay nang may katumpakan. Maraming uri ng mga tao; samakatuwid, maaaring makatagpo ang isang tao ng lahat ng uri ng pagtatabas at pakikitungo, at dapat tikman ang bawat lasa ng mga ito. Kaya't sa buhay iglesia, napakaraming mga leksyon ang matututuhan sa pagtatabas at pakikitungo ng mga kapatid ng isang tao. Dapat itong pakitunguhan nang wasto ng isang tao, pagsikapang hangarin ang katotohanan, at kilalanin ang kanilang mga sarili. Kahit hindi ganap na tama ang mga bagay na sinasabi ng ilang tao, ang isang tao ay dapat muna itong tanggapin, matutong maging mapagpaubaya at mapagtiis, at magpasakop sa katotohanan. Ang kapaligiran ng buhay iglesia ay malaking pakinabang sa paglago sa buhay ng isang tao at sa kanilang karanasan sa gawain ng Diyos, na humahantong sa kaligtasan. Isa itong kapaligiran ng katotohanan, isang kapaligiran kung saan namamahala ang Banal na Espiritu at kataas-taasan ang katotohanan. Kung hindi makaangkop ang mga tao sa kapaligirang ito, ano ang pangunahing problema? Hindi nila mahal ang katotohanan, at hindi makita na ang buhay iglesia ay isang kapaligiran ng katotohanan. Isang lugar ito kung saan ginagawa ang gawain ng Diyos, isang lugar kung saan ang Banal na Espiritu ang namamahala, at ang pinagdarausan para sa pagsasanay ng kaharian. Hindi maaabot ng isang tao ang kaligtasan kung lilisanin nila ang pinagdarausan para sa pagsasanay ng kaharian. Naniniwala sa Diyos ang ilang mga tao bilang isang libangan, isinasagawa ang kanilang pananampalataya mula sa kakarampot na kapaligiran ng kanilang sariling tahanan. Hindi nila magawang lumago sa kanilang buhay at hindi magawang mailigtas. Kaya't isang napakahusay na bagay ang kapaligiran ng buhay iglesia!

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

59. Ang Mga Prinsipyo ng Pagtitipon-tipon Upang Magbahagi Tungkol sa mga Salita ng Diyos

(1) Kinakailangang magbahagi ng mga totoong karanasan at kaalaman tungkol sa katotohanang salita ng Diyos, maipaunawa sa mga

iba ang katotohanan at patibayin sila, nang sa gayon magkaroon sila ng landas sa pagsasagawa;

(2) Dapat mapag-usapan sa pagbabahagi ng katotohanang salita ng Diyos ang mga totoong karanasan na sinasalamin ang pagkakilala sa sarili. Habang nagsasalita ka, gamitin ang mga katotohanan; huwag magsalita ng mga titik at doktrina, at huwag subukang bigyan ng sariling-paliwanag ang mga salita ng Diyos;

(3) Kapag nagkakatipon kayo, hayaang mas magbahagi ang mga may gawain ng Banal na Espiritu at may praktikal na karanasan, nang sa gayon mapatibay at makinabang ang mas nakararami mula rito. Saka lamang nila magagawang makapasok sa katotohanang realidad;

(4) Ang mga bulaang tao, masasamang tao, at masasamang espiritu na gumagambala sa buhay-iglesia ay dapat mailantad at masuring mabuti nang sa gayon maaari silang masusing makilala ng mga tao. Hindi maisasawalang-kabuluhan ang pakinabang nito sa kanilang pagkaunawa sa katotohanan.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Sa pagpapatuloy, ang pag-uusap tungkol sa mga salita ng Diyos ang prinsipyong dapat mong sundin sa iyong pagsasalita. Karaniwan, kapag nagsasama-sama kayo, dapat kayong magbahaginan tungkol sa mga salita ng Diyos, na tinatanggap ang mga salita ng Diyos bilang nilalaman ng inyong mga pag-uusap, na pinag-uusapan kung ano ang alam ninyo tungkol sa mga salitang ito, kung paano ninyo isinasagawa ang mga ito, at kung paano gumagawa ang Banal na Espiritu. Basta’t nagbabahagi ka ng mga salita ng Diyos, paliliwanagin ka ng Banal na Espiritu. Ang pagkakamit ng mundo ng mga salita ng Diyos ay nangangailangan ng pakikipagtulungan ng tao. Kung hindi mo ito papasukin, walang paraan ang Diyos upang gumawa; kung itikom mo ang iyong bibig at hindi ka magbabahagi tungkol sa Kanyang mga salita, wala Siyang paraan para paliwanagin ka. Tuwing hindi ka naman abala, magbahagi ka tungkol sa mga salita ng Diyos, at huwag basta mag-abala sa walang-kabuluhang pagdadaldalan! Hayaan mong mapuspos ng mga salita ng Diyos ang

buhay mo—saka ka lamang magiging isang tapat na mananampalataya. Hindi mahalaga kung paimbabaw ang iyong pagbabahagi. Kung walang kababawan, hindi magkakaroon ng kalaliman. Kailangan ay may isang proseso. Sa pamamagitan ng iyong pagsasanay, maiintindihan mo ang pagpapalinaw ng Banal na Espiritu sa iyo, at kung paano mas epektibong kainin at inumin ang mga salita ng Diyos. Pagkaraan ng isang agwat ng pagsisiyasat, papasok ka sa realidad ng mga salita ng Diyos. Kung matibay kang nagpasiyang makipagtulungan, saka mo lamang matatanggap ang gawain ng Banal na Espiritu.

Hinango mula sa "Ang Kapanahunan ng Kaharian ay ang Kapanahunan ng Salita" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Hindi nakikita ng ilang mga lider at manggagawa ang mga tunay na problema na mayroon sa loob ng iglesia. Habang nasa sa pagpupulong, pakiramdam nila ay walang may kabuluhang masasabi, kaya't nagpapadala lamang sila sa agos at nagsasalita ng ilang mga titik at doktrina. Lubusan ninyong batid na ang mga mababababaw na mga salitang ito ay mga doktrina, pero gayunpaman ipinangaral ninyo ang tungkol sa mga ito, at sa huli ramdam ninyong wala kayong kasigasigan, at ang mga tao sa ibaba ninyo ay nakikinig at ramdam ding masyadong nakakabagot ito—hindi ba nangyari na iyan? Kung pinipilit mo ang iyong sarili na mangaral, kung gayon sa isang banda hindi gagawa ang Banal na Espiritu, at sa kabilang banda, walang pakinabang para sa mga tao. Kung hindi mo pa nararanasan ang katotohanan nguni't gusto mo pa ring mangaral tungkol dito kung gayon, kahit ano pa ang sabihin mo, hindi ka mangangaral nang malinaw—makakapangaral ka lamang ng mga mababaw na bagay. Maaaring iniisip mo na ang mga salitang sinasabi mo ay nililiwanagan, nguni't doktrina lamang ang mga ito, hindi realidad ang mga ito, at hindi mahahawakan ng mga taong nakikinig ang mga tunay na bagay; maaaring ramdam nila na tama ang sinasabi mo habang nakikinig, nguni't pagkatapos ganap na malilimutan ito. Kung ang ipinangangaral mo ay hindi ang tunay na kalagayan, hindi mo maaantig ang mga puso ng mga

tao; malilimutan nila ito kahit na gusto nilang maalaala ito, at hindi mo sila matutulungan. Kung makatatagpo ka ng isang kalagayan kung saan gusto mong mangaral pero hindi ka makapangaral tungkol sa mga bagay-bagay nang lubusan, kung saan mayroon ka lang ilang kaalaman sa doktrina pero wala kang alam tungkol sa mga bagay na may diwa, at kung hindi mo kayang sagutin ang mga tanong na may diwa na ihinaharap, kung ayon pinakamainam na huwag mangaral paanuman. May mga panahon ding kung kailan nagsisimula kang magtalakay ng isang paksa sa isang pagtitipon, at ramdam mong medyo may sapat kang kaalaman tungkol dito, at maaaring magbahagi tungkol sa ilang tunay na bagay. Pero nang natalakay na mo ito sa isang mababaw na antas nauunawaan ito ng lahat, at wala ka nang anumang maipangaral sa isang malalim na antas. Ang mga hindi alam ng iba, maaaring hindi mo rin alam. Kaya huwag pilitin ang iyong sarili na mangaral; sa halip maaari mong hikayatin ang lahat sa pagbabahagi tungkol sa paksa. Kung sa tingin mong ito ay doktrina, walang saysay na pag-usapan ito, at hindi mabibigyan ng kaalaman ang mga tao mula rito; sa kalagayang ito, anuman ang sabihin mo, hindi gagawin ng Banal na Espiritu ang Kanyang gawain, at kung sa kabila nito ipilit mo pa rin ang iyong sarili, maaari kang makapagsalita ng mga bagay na walang katotohanan at nalilihis, at maaaring mailigaw ang mga tao. Hindi kaya ng mga taong ganap na maunawaan ang mga kaisipang may bahagyang kalaliman sa loob ng maikling panahon; karamihan sa mga tao ay may napakahinang pundasyon at mababa ang kakayahan, at hindi madaling matandaan ang anumang naririnig nila. Gayunpaman, medyo mabilis pa rin nilang tanggapin ang mga kakatuwa, mapanupil at doktrinal na mga kaisipan. Sadyang kataka-taka ito! Kaya, sa ganitong usapin, dapat kang magbigay ng natatanging pansin. Mapagmagaling ang mga tao, at pinangingibabawan kung minsan ng kanilang pagmamagaling; lubos nilang alam na ang sinasabi nila ay doktrina, subalit patuloy pa rin nila itong sinasabi, sa paniniwalang baka hindi ito mapansin ng kanilang mga kapatid. Sa pagsisikap na maiwasan ang kahihiyan, maaaring hindi nila pansinin ang mga bagay na iyon at sa halip ay tumuon lamang sa

pagharap sa kung ano ang kasalukuyang kalagayan. Hindi ba ito panlilinlang lamang sa mga tao? Hindi ito pagiging tapat sa Diyos! Kung isa kang taong nauunawaan ang katotohanan, makakaramdam ka ng kahihiyan sa loob, mararamdaman na hindi ka na dapat magsalita ng ganoon at na dapat mong baguhin ang paksa. Maaari kang magbahagi tungkol sa isang bagay na naranasan mo, o maaari kang magsalita tungkol sa ilang kaalamang mayroon ka tungkol sa katotohanan. Kung hindi ka makapagsasalita nang malinaw tungkol sa isang bagay, lahat kayo kung gayon ay maaaring magbahagian tungkol dito! Hindi kailanman mabuting bagay na mayroon lamang isang tao na ginagawa ang lahat ng pagsasalita. Dahil kulang ka sa karanasan, gaano ka man kahusay na maglarawan sa isip at maghaka ng isang bagay, sa huli magiging doktrina lamang at mga bagay na kuro-kuro ng tao ang iyong sinasabi. Dapat maranasan ang mga bagay na maaaring ikategorya bilang katotohanan; kung walang karanasan, walang sinuman ang ganap na makakaunawa sa diwa ng katotohanan, lalong hindi malinaw na maipaliliwanag ang mga kondisyon sa pagdanas ng isang katotohanan. Dapat na mayroong karanasan ng katotohananan ang isang tao bago siya magkaroon ng tunay na bagay na mapag-uusapan, at hindi katanggap-tanggap ang hindi pagkakaroon ng karanasan; kahit na mayroon kang karanasan, magiging limitado lamang ang saklaw nito, at magagawa mo lamang magsalita tungkol sa ilang mga limitadong kalagayan, wala nang iba. Kung ang isang pagtitipon ay palaging umiikot sa isa o dalawang paksa, pagkatapos ng pagbabahagian sa ganitong paraan nang ilang sandali, makauunawa ang ilang tao nang kaunti. Ang isa pang posibilidad ay pagkatapos na pagkatapos mong magsimulang magsalita, maaari mong ipagpalagay na nakikipag-usap ka sa isang paraang napakapraktikal, ngunit hindi pa rin talaga nauunawaan ng iyong mga kapatid. Ito ay dahil ang iyong kondisyon ay ang iyong kondisyon, at ang mga kondisyon ng iyong mga kapatid ay hindi kinakailangang eksaktong kapareho ng sa iyo. Bilang karagdagan, mayroon kang kaunting karanasan sa paksang ito, ngunit maaaring wala ang iyong mga kapatid, kaya nararamdaman nilang ang mga sinasabi mo

ay hindi natutungkol sa kanila. Anong dapat mong gawin kapag nahaharap sa ganitong uri ng sitwasyon? Dapat mo silang tanungin ng ilang katanungan upang maunawaan ang kanilang kalagayan. Tanungin sila kung ano ang palagay nilang dapat gawin ng isang tao kapag nangyari ang paksang ito, at kung paano dapat magsagawa ang isang tao nang naaayon sa katotohanan. Sa pamamagitan ng pagbabahagian sa ganitong paraan nang ilang sandali, isang landas na pasulong ang magbubukas. Sa ganitong paraan, maaari mong pamunuan ang mga tao na makarating sa puntong ito, at kung lalo ka pang magbahagi, magkakamit ka ng mga resulta.

Hinango mula sa "Alam Mo ba Kung Ano Talaga ang Katotohanan?" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sa "pagbabahagi at pagniniig ng mga karanasan," ang ibig sabihin ay pagsasabi ng bawat kaisipan sa iyong puso, iyong kalagayan, iyong mga karanasan at kaalaman sa mga salita ng Diyos, gayundin ang tiwaling disposisyon sa loob mo. At matapos iyan, natatalos ng iba ang mga bagay na ito, at tinatanggap ang positibo at kinikilala yaong negatibo. Ito lamang ang pagbabahagi, at ito lamang ang talagang pakikipagniig. Hindi lamang ito basta nangangahulugan ng pagkakaroon ng mga pagkaunawa sa mga salita ng Diyos o isang bahagi ng isang himno, at pakikipagniig ayon sa gusto mo at pagkatapos ay hindi na pagpapalawig pa nito, at hindi pagsasalita ng anumang may kaugnayan sa iyong sariling aktuwal na buhay. Nagsasalita ang lahat tungkol sa kaalamang doktrinal at teoretikal, at walang sinasabi tungkol sa kaalamang hinango mula sa aktuwal na mga karanasan. Umiiwas kayong lahat na pag-usapan ang tungkol sa gayong mga bagay, tungkol sa inyong mga personal na buhay, tungkol sa inyong buhay sa iglesia kasama ang inyong mga kapatiran, at tungkol sa inyong sariling panloob na mundo. Sa ganitong paraan, paano magkakaroon ng tunay na pagtatalastasan sa pagitan ng mga tao? Paano magkakaroon ng tunay na pagtitiwala? Hindi nagkakaroon ng anuman! … Kung nakakaya ng mga kapatid na magsabi ng niloloob sa isa't isa, tulungan ang isa't isa, at

tustusan ang isa't isa, bawat tao kung gayon ay dapat magsalita ng kani-kanilang sariling tunay na karanasan. Kung hindi ka nagsasalita ng sarili mong tunay na karanasan, at nagsasalita lamang ng mga nakakapukaw na mga salita at mga salitang tungkol sa doktrina at mababababaw lamang, kung gayon ikaw ay hindi isang taong tapat, at hindi mo kayang maging matapat.

Hinango mula sa "Ang Pinakasaligang Pagsasagawa ng Pagiging Isang Taong Tapat" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Nagagawa mong magsabi ng kaalaman na kasingdami ng buhangin sa dalampasigan, subalit wala sa mga ito ang nagtataglay ng anumang tunay na landas. Hindi mo ba niloloko ang mga tao sa pamamagitan ng paggawa nito? Hindi ka ba gumagawa ng isang walang kabuluhang palabas na walang anumang sumusuportang diwa? Ang lahat ng ganitong pag-uugali ay nakapipinsala sa mga tao! Kapag mas mataas ang teorya at mas walang katotohanan, mas walang kakayahan ito na dalhin ang mga tao sa realidad. Kapag mas mataas ang teorya, mas ginagawa ka nitong masuwayin at salungat sa Diyos. Huwag mong ituring ang pinakamatatayog na teorya bilang mahalagang kayamanan. Sila ay mapaminsala at walang silbi! Marahil may ilang tao na kayang makapagsabi ng pinakamatatayog na mga teorya—ngunit ang mga ito ay hindi naglalaman ng realidad, sapagkat ang mga taong ito ay hindi personal na nakaranas sa kanila, at dahil dito, wala silang landas para sa pagsasagawa. Ang mga ganitong tao ay walang kakayahang dalhin ang iba sa tamang daan, at ililigaw lamang sila. Hindi ba ito nakapipinsala sa mga tao? Kahit man lamang ikaw, dapat mong makayanang lutasin ang kasalukuyang suliranin ng mga tao at hayaan silang makapasok; ito lamang ang maituturing na dedikasyon, at saka ka lamang magiging angkop para manilbihan sa Diyos. Huwag palaging mangusap ng mararangya at mabulaklak na mga salita, at huwag gumamit ng isang pangkat ng mga hindi angkop na kasanayan upang pilitin ang iba na sundin ka. Ang pagsasagawa nito ay walang epekto at makadaragdag lamang sa kanilang pagkalito. Ang pagpapatuloy nito ay bubuo lamang ng maraming

doktrina na magiging sanhi lamang upang kasuklaman ka ng mga tao. Ganito ang pagkukulang ng tao, at ito ay tunay na kahiya-hiya. Dahil dito, mas pag-usapan ang mga suliranin na tunay na umiiral. Huwag ituring ang mga karanasan ng mga tao bilang iyong personal na pag-aari at ipakita ang mga ito upang hangaan ng iba. Dapat mong hanapin ang iyong sariling daan palabas. Ito ang dapat isagawa ng bawat tao.

Hinango mula sa “Magtuon ng Higit na Pansin sa Realidad” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

May ilang mga prinsipyo na kailangang sundin sa pakikipagsalamuha sa mga salita ng Diyos:

Una, bago ang pakikipagsalamuha sa mga salita ng Diyos, kailangan mong pagnilay-nilayan ang diwa ng mga salita ng Diyos, tayahin ang ipinaparating ng mga salita, unawain ang tunay na kahulugan ng mga ito, at subukang arukin kung bakit sasabihin ng Diyos ang gayong mga salita at kung ano ang mga epektong tinatangkang makamtan ng mga ito. Sa kabila ng mga sinasabi Niya, nasa Kanyang mga salita ang mga layunin at mga hinihingi ng Diyos. Ito ang pangunahing punto na kailangang maipagsalamuha. Kailangang hanapin ng hinirang na mga tao ng Diyos ang katotohanan at maintindihan ang kalooban Niya sa Kanyang bawat salita, at maunawaan kung ano ang hinihingi Niya sa mga tao at ang mga katotohanan na nararapat nilang paghandaan. Parehong may pakinabang sa iyo at sa iba ang ganitong paraan ng pakikipagsalamuha. Kung basta ka na lamang kumikilos nang walang sigasig at minamadali ang proseso nang hindi taimtim na nagninilay pagkatapos basahin ang mga ito, literal lamang na sinasabi ang mga doktrina, kung gayon ang pagbabasa mo ng mga salita ng Diyos ay hindi gaanong magkakaroon ng kahulugan, at hindi mo mauunawaan ang katotohanan kailanman.

Ikalawa, maraming mga katotohanan na nakapaloob sa mga salita ng Diyos. Kinabibilangan ng maraming aspeto ng katotohanan ang bawat linya ng mga salita ng Diyos, na hindi lubusang maipapaliwanag sa

pamamagitan ng literal na kahulugan. Hindi maaaring pawalang-halaga ng tao ang mga salita ng Diyos. Kung nakikita mo ang mga ito na masyadong simple, iyan ay pagiging lubhang hangal at mangmang. Hindi kayang maranasan sa isang habambuhay ang kabuuan ng kahit ang pinakasimpleng linya ng mga salita ng Diyos. Ito ay dahil ang lahat ng ipinahayag sa mga salita ng Diyos ay ang katotohanan, ang realidad ng mga positibong bagay, at hindi ganap na matatamo o napakalalim na mapapasok ng tao. Kung hindi isasaalang-alang ng mga tao ang mga salita ng Diyos nang may matuwid na saloobin, at walang pagnanasang hangarin ang katotohanan, kung gayon hindi nila mauunawaan ang mga ito kailanman. Samakatuwid kailangang may takot ka sa Diyos at may matapat na saloobin kapag nagsasalamuha ka sa Kanyang mga salita.

Ikatlo, kailangan ang ipagbigay-alam mo lamang ay kung ano ang nauunawaan mo sa mga salita ng Diyos. Huwag magkunwaring nauunawaan kung hindi at pabayang magsalita tungkol sa mga titik at mga doktrina. Sa mga pagtitipon, ipagsalamuha lamang ang iyong aktuwal na kaalaman at pag-unawa sa mga salita ng Diyos; huwag magsalita tungkol sa mga bagay na walang kinalaman sa katotohanan, sapagkat sinasayang mo lamang ang oras ng ibang mga tao. Para sa pakinabang ng lahat, pinakamabuti para sa bawat tao na magsalamuha lamang ng lima hanggang sampung minuto o higit pa, o pinakamatagal nang labing limang minuto. Kailangang hindi gumugol ng labis na oras ang isang tao. Kung hindi nila kayang matapos nang isahan, hatiin ito sa dalawa o tatlong beses upang lahat ay magkaroon ng pagkakataong makapagsalita. Para sa mga talagang masalita, kung sila ay lumihis sa pinag-uusapan, maaari mo silang abalahin upang matutunan nila kung paano maging makatwiran at igalang ang iba. Makikinabang ang lahat sa ganitong paraan ng pagsasagawa.

Ikaapat, kapag nakikipagsalamuha sa mga salita ng Diyos, maaaring ipagbigay-alam ng isang tao ang tungkol sa mga kundisyong pinagbabahaginan ng karamihan ng mga tao pati na rin ang mga suliraning umiiral sa iglesia. Lehitimo ang ganitong uri ng pagsasalamuha, ngunit

kailangang wala kang layuning tumuligsa o humamak ng ibang tao. Maging sino ka man, kung nagtataglay ka ng ganitong mga kundisyon dapat mo itong harapin nang wasto at mapagpakumbabang tanggapin ito. Kailangang hindi ka mapagmataas at palalo, hindi tumatanggap sa ibang mga opinyon, o gamitin ang iyong katayuan upang gipitin ang iba, pinagbabawalan silang magsalita o nililimitahan ang kanilang pagsasalamuha ng katotohanan. Ang proseso ng pagsasalamuha sa katotohanan ay ang proseso rin ng paglalantad ng tiwaling kalikasan ng mga tao. Yaong mga tunay na tumatanggap sa katotohanan ay mahaharap nang tama ang kanilang mga sarili pagdating sa mga gayong bagay at hindi magkakaroon ng anumang mga paghihirap. Kung ang mga tao ay hindi mangangahas na buksan ang kanilang mga labi at magsalamuha sa mga salita ng Diyos sa panahon ng mga pagtitipon, o mabigong iugnay ang kanilang pinagsasalamuha sa tunay na buhay dahil sa labis na pagkatakot na makasakit sa iba o mapahiya, magiging napakahirap na maunawaan at makamtan ang katotohanan, at ang pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos sa ganitong paraan ay hindi magdudulot ng kahit anong mga resulta na mapag-uusapan. Ang mga taong taos-pusong handang tanggapin ang katotohanan ay dapat makiisa kalakip ang kanilang mga kundisyon at ipagsalamuha ang kanilang kaalaman sa mga salita ng Diyos sa simple at bukas na paraan. Sa ganitong paraan lamang ng pagsasalamuha sa mga salita ng Diyos madaling mauunawaan ang katotohanan at makakamtan ang mga resulta. Tungkol naman sa mga natatanging suliranin na lumilitaw sa iglesia, malugod na makapagsasalamuha at makapagpapahayag ng kanilang mga sariling pananaw ang lahat ng mga kasapi, subalit kailangan nilang makita ang mga bagay batay sa mga salita ng Diyos at tumayo sa panig ng katotohanan. May kalamangan ang gayong pakikipagsalamuha na makapaglulutas ng mga suliranin, maipapahiya si Satanas, at makakamtan ang tunay na mga resulta.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

May limang prinsipyo na kailangang maisagawa sa panahon ng mga pagtitipon upang makamtan ang epekto sa buhay iglesia na may kakayahang maunawaan ang katotohanan at malutas ang mga suliranin sa pamamagitan ng pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos:

1. Maaaring magsalamuha nang kaunti pa ang mga taong may mabuting kakayahan at may dalisay na pagpapahalaga sa katotohanan, ngunit hindi sila dapat maging maligoy tungkol dito; dapat silang mangusap ng aktuwal na karanasan at kaalaman ng mga salita ng Diyos upang lumutas ng mga tunay na problema. Sa ganitong paraan lamang magiging mabisa ang pagtitipon. Dapat di gaanong magsalamuha yaong mga may mga maling pag-unawa, o maaari ring magtimpi sa pakikipagsalamuha. Makabubuti para sa bawa't isang tinatangkang unawain ang katotohanan ang ganitong paraan ng pagsasagawa.

2. Kapag nakikipagsalamuha sa mga salita ng Diyos, dapat na manatili sa paksa ang mga tao at talagang hindi lilihis sa usapan; makatutulong sa mga tao na maunawaan ang katotohanan kung gagawin ito. Ang malimit na paglayo sa paksa ay nakasisira sa konsentrasyon ng mga tao at nakapagpapalito sa kanila, at nagiging imposible na maipaunawa sa kanila ang mga salita ng Diyos. Kailangang limitahan ang mga tao na malimit na lumilihis sa pinag-uusapan; makakatipid ito ng oras at mapapahintulutan ang pagtitipon na makamtan ang magandang mga resulta.

3. Pinaka makabubuti kung mas makikinig at babawasan ang pagsasalita ng yaong mga may hindi mabuting kakayahan at hindi kayang umunawa. Dapat ay mas pagsikapan nilang pagmuni-munihan ang mga salita ng Diyos at tanggapin ang wagas na pagkaunawa ng mga ito, at manalangin at mas makipagniig sa Diyos sa loob. Magiging pakinabang sa kanila gayundin sa iba kung gagawin ito; ito lamang ang paraan upang sumulong.

4. Habang nasa pagtitipon at nakikipagsalamuha sa mga salita ng Diyos, huwag uulitin ang mga pananaw at mga opinyon ng ibang mga tao; mangusap tungkol sa ilang mga bagong punto ng liwanag at kaalaman. Kung wala kang bagong kaalaman, huwag nang makipag-usap.

Makakatipid ito ng oras at magagawang mas mabisa ang pagtitipon. Sa halip na palaging inuulit kung ano ang mga nasabi ng iba, mas makabubuting tahimik na lamang na umupo sa harap ng Diyos, masigasig na makinig at umaninaw, tinatanggap ang mga bagong punto ng liwanag at wagas na pag-unawa na ibinunyag ng iba. Makabubuti ito para sa iyong sarili, at ikaw rin ay maituturing na nakaani ng bahagi ng mga pakinabang mula sa pagtitipon.

5. Anong aspeto man ng katotohanan ang pinagsasalamuhaan ng mga tao, kapag ipinagbibigay-alam nila ang kanilang mga pagsusuri at mga pananaw tungkol sa isang suliranin, huwag magiging maramdamin o di-makatwiran na ihahambing sila sa iyong sarili upang mapigilan ang bawa't isa mula sa paghatol at pagbatikos sa isa't isa. Huwag makikipagtalo tungkol sa mga walang saysay na bagay, at huwag palaging nababalisa tungkol sa mga suliranin ng iba habang pinapabayaan ang iyong sariling pagpasok. Ituon ang pansin sa paghahangad at pag-unawa sa katotohanan upang malutas mo ang sarili mong mga suliranin ng katiwalian. Ang mga taong gumagawa nito ay ang mga taong matatalino.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Sa buhay iglesia, dapat manguna sa pakikipagsalamuha sa katotohanan ang lahat ng mga antas ng mga pinuno at mga manggagawa; ito ang tungkulin at pananagutan ng bawa't isang pinuno o manggagawa. Upang gawing mas mabisa ang isang pagtitipon, lahat ng yaong may karanasan at kaalaman sa mga salita ng Diyos ay dapat ipagsalamuha kung ano ang kanilang nakamit, inihahandog ang kanilang kabahagi para sa kasiyahan ng bawa't isa at upang maintindihan ng bawa't isa ang katotohanan at makapasok sa realidad ng mga salita ng Diyos. Lalong mahalaga para sa mga taong hinahangad ang katotohanan na ipagsalamuha ang kanilang kaalaman at mga karanasan sa mga salita ng Diyos at anumang kaliwanagan at pagpapalinaw na kanilang nakamit mula sa Banal na Espiritu; sa ganitong paraan lamang hindi mapipigil ang pag-

ibig ng Diyos at ang gawaing ginagawa Niya sa mga tao. At sa ganitong paraan lamang mabibigyang-kasiyahan ng mga tao ang Diyos at makapagkakamit ng mas higit pang gawain at biyaya ng Banal na Espiritu, at pagkatapos ay mauunawaan at makapapasok sa higit pang mga katotohanan. Maaaring magtimpi sa pakikipagsalamuha ang mga taong walang karanasan o kaalaman sa mga salita ng Diyos, subalit dapat nilang maunawaan kung ano ang pinagsasalamuha ng ibang tao at taimtim itong pagmuni-munihan. Pagkatapos niyon, dapat nilang isagawa at danasin kung ano ang kanilang natutunan, at sila rin ay unti-unting makakakamit ng kaalaman. Ang mga taong hindi nakikipagsalamuha sa katotohanan kailanman ay mga walang kaluluwang bangkay lamang. Mas nakikipagsalamuha ang mga tao sa katotohanan, mas nakapagtatamasa sila ng gawain ng Banal na Espiritu; ang mga ganitong uri ng tao lamang ang maaaring mabuhayan. Ang pakikipagsalamuha sa katotohanan ang pinakamabuting paraan upang dakilain at magpatotoo sa Diyos; isa itong tunay na paraan upang tuparin ang tungkulin at mapaglingkuran ang Diyos. Nagiging ganap ang buhay ng isang tao sa pamamagitan ng pakikipagsalamuha sa katotohanan. Lahat ng yaong naghahangad at nagmamahal sa katotohanan ay dapat makipagsalamuha sa panahon ng mga pagtitipon tungkol sa kanilang mga karanasan at kaalaman sa mga salita ng Diyos; magdadala ito ng mainam na buhay iglesia.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

60. Ang Mga Prinsipyo ng Pagbabahagi Tungkol sa Katotohanang Salita ng Diyos

(1) Kinakailangang tanggapin ang paghatol at pagkastigo ng mga salita ng Diyos, at tanggapin din ang pagtatabas at pagsusuweto ng mga ito, at dapat tanggapin at isagawa ng isang tao ang katotohanan. Kapag nagawa ito, nagiging praktikal na ang pagbabahagi ng isang tao tungkol sa katotohanan;

(2) Kinakailangang magbahagi sa bawat aspekto ng katotohanan nang

isinasaalang-alang ang mga salita ng Diyos. Huwag madungisan ng mga kuro-kuro, maling-palagay, o imahinasyon, kundi talakayin kung ano ang nalalaman mo mula sa karanasan;

(3) Kinakailangang harapin ang mga aktuwal na problema sa kalipunan ng mga hinirang ng Diyos. Tuwirang puntiryahin at lutasin ang mga ito gamit ang katotohanan, at iwasan ang walang-katuturang usapan tungkol sa doktrina;

(4) Sa pagbabahagi tungkol sa katotohanan, kinakailangang sundin ang kaliwanagan at pagpapalinaw ng Banal na Espiritu. Huwag magbahagi nang sunud-sunuran lamang batay sa mga nakatakdang alituntunin; hayaang maunawaan ng iba ang katotohanan at magkaroon sila ng isang landas kung saan magsasagawa.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Sa pagpapatuloy, ang pag-uusap tungkol sa mga salita ng Diyos ang prinsipyong dapat mong sundin sa iyong pagsasalita. Karaniwan, kapag nagsasama-sama kayo, dapat kayong magbahaginan tungkol sa mga salita ng Diyos, na tinatanggap ang mga salita ng Diyos bilang nilalaman ng inyong mga pag-uusap, na pinag-uusapan kung ano ang alam ninyo tungkol sa mga salitang ito, kung paano ninyo isinasagawa ang mga ito, at kung paano gumagawa ang Banal na Espiritu. Basta't nagbabahagi ka ng mga salita ng Diyos, paliliwanagin ka ng Banal na Espiritu. Ang pagkakamit ng mundo ng mga salita ng Diyos ay nangangailangan ng pakikipagtulungan ng tao. Kung hindi mo ito papasukin, walang paraan ang Diyos upang gumawa; kung ititikom mo ang iyong bibig at hindi ka magbabahagi tungkol sa Kanyang mga salita, wala Siyang paraan para paliwanagin ka. Tuwing hindi ka naman abala, magbahagi ka tungkol sa mga salita ng Diyos, at huwag basta mag-abala sa walang-kabuluhang pagdadaldalan! Hayaan mong mapuspos ng mga salita ng Diyos ang buhay mo—saka ka lamang magiging isang tapat na mananampalataya. Hindi mahalaga kung paimbabaw ang iyong pagbabahagi. Kung walang kababawan, hindi magkakaroon ng kalaliman. Kailangan ay may isang proseso. Sa pamamagitan ng iyong pagsasanay, maiintindihan mo ang

pagpapalinaw ng Banal na Espiritu sa iyo, at kung paano mas epektibong kainin at inumin ang mga salita ng Diyos. Pagkaraan ng isang agwat ng pagsisiyasat, papasok ka sa realidad ng mga salita ng Diyos. Kung matibay kang nagpasiyang makipagtulungan, saka mo lamang matatanggap ang gawain ng Banal na Espiritu.

Hinango mula sa “Ang Kapanahunan ng Kaharian ay ang Kapanahunan ng Salita” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kapag nagpapatotoo para sa Diyos, dapat pangunahing nagsasalita kayo tungkol sa kung paano hinahatulan at kinakastigo ng Diyos ang mga tao, kung anong mga pagsubok ang ginagamit Niya para pinuhin ang mga tao at baguhin ang kanilang mga disposisyon. Dapat ring magsalita tungkol sa kung gaano nang katiwalian ang naibubunyag sa inyong karanasan, kung gaano na ang inyong natitiis at kung paano kayo nalupig kalaunan ng Diyos; magsalita kung gaanong tunay na kaalaman tungkol sa gawain ng Diyos ang mayroon kayo, at kung paano kayo dapat sumaksi para sa Diyos at suklian Siya dahil sa Kanyang pag-ibig. Dapat ninyong lagyan ng substansya ang ganitong uri ng wika, habang inilalagay ito sa isang payak na paraan. Huwag ninyong pag-usapan ang mga hungkag na teorya. Magsalita kayo nang mas makatotohanan; magsalita kayo na mula sa puso. Ganito ang dapat ninyong maranasan. Huwag ninyong sangkapan ang inyong mga sarili ng mga tila malalim at walang-lamang teorya para magyabang; sa paggawa nito ay nagmumukha kayong mapagmataas at walang-katuturan. Dapat ay magsalita kayo nang higit tungkol sa mga tunay na bagay mula sa aktuwal ninyong karanasan na totoo at mula sa puso, at magsalita mula sa puso; ito ay pinaka-kapaki-pakinabang sa iba, at pinaka-nararapat na makita nila.

Hinango mula sa “Sa Pamamagitan Lamang ng Paghahabol sa Katotohanan Nakakamit ng Isang Tao ang Pagbabago sa Disposisyon” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Nagagawang ibahagi ng tao ang kanyang nararanasan at nakikita. Walang sinumang maaaring magbahagi ng anumang hindi pa nila naranasan, hindi pa nila nakita, o hindi kayang abutin ng kanilang pag-iisip,

dahil ang mga bagay na iyon ay wala sa kanilang kalooban. Kung ang ipinapahayag ng tao ay hindi nagmumula sa kanyang karanasan, imahinasyon niya iyon o doktrina. Sa madaling salita, walang realidad sa kanyang mga salita. Kung hindi ka pa kailanman nakipag-ugnayan sa mga bagay ng lipunan, hindi mo magagawang ibahagi nang malinaw ang kumplikadong mga ugnayan ng lipunan. Kung wala kang pamilya, kapag nag-usap-usap ang ibang mga tao tungkol sa mga problema sa pamilya, hindi mo mauunawaan ang karamihan sa sinabi nila. Kaya, ang ibinabahagi ng tao at ang gawaing kanyang ginagawa ay kumakatawan sa kanyang kalooban. Kung ibinahagi ng sinuman ang kanyang pagkaunawa tungkol sa pagkastigo at paghatol, ngunit wala kang karanasan doon, hindi ka mangangahas na tanggihan ang kanyang kaalaman, lalo nang hindi ka mangangahas na siyento-por-siyentong magtiwala roon. Ito ay dahil ang kanilang ibinabahagi ay isang bagay na hindi mo pa naranasan kailanman, isang bagay na hindi mo pa nalaman kailanman, at hindi iyon kayang isipin. Mula sa kanilang kaalaman, lahat ng matututuhan mo ay isang landas tungo sa pagdaan sa pagkastigo at paghatol sa hinaharap. Ngunit ang landas na ito ay maaaring isa lamang doktrinal na kaalaman; hindi ito makakapalit sa iyong sariling pagkaunawa, lalo na sa iyong karanasan. Marahil ay iniisip mo na ang sinasabi nila ay medyo tama, ngunit sa sarili mong karanasan, alam mo na hindi iyon praktikal sa maraming paraan. Marahil pakiramdam mo ay lubos na hindi praktikal ang ilan sa naririnig mo; nagkikimkim ka ng mga kuru-kuro tungkol doon sa oras na iyon, at bagama’t tinatanggap mo iyon, nag-aatubili ka pa rin. Ngunit sa sarili mong karanasan, ang kaalamang pinagmulan ng iyong mga kuru-kuro ang nagiging paraan mo ng pagsasagawa, at habang lalo kang nagsasagawa, lalo mong nauunawaan ang tunay na halaga at kahulugan ng mga salitang iyong narinig. Matapos magkaroon ng sarili mong karanasan, maaari mo nang banggitin ang kaalamang dapat mong taglayin tungkol sa naranasan mo. Dagdag pa rito, maaari mo ring tukuyin ang pagkakaiba sa pagitan ng mga taong tunay at praktikal ang kaalaman at ng mga taong ang kaalaman ay batay sa doktrina at walang halaga. Kaya, naaayon man sa katotohanan

ang kaalamang sinasabi mo ay lubhang nakasalalay sa kung ikaw ay may praktikal na karanasan doon. Kapag may katotohanan sa iyong karanasan, magiging praktikal at mahalaga ang iyong kaalaman. Sa pamamagitan ng iyong karanasan, magtatamo ka rin ng paghiwatig at kabatiran, mapapalalim mo ang iyong kaalaman, at madaragdagan ang iyong karunungan at sentido komun tungkol sa kung paano ka dapat kumilos. Ang kaalamang ipinapahayag ng mga taong walang taglay na katotohanan ay doktrina, gaano man iyon katayog. Ang ganitong uri ng tao ay maaaring napakatalino pagdating sa mga bagay na may kinalaman sa laman ngunit hindi matukoy ang mga kaibhan pagdating sa mga espirituwal na gawain. Iyan ay dahil ang gayong mga tao ay wala ni isang karanasan man lamang sa mga espirituwal na bagay. Sila ang mga taong hindi naliliwanagan sa mga espirituwal na gawain at hindi nauunawaan ang mga espirituwal na bagay. Anumang uri ng kaalaman ang ipahayag mo, basta't tungkol iyon sa iyong pagkatao, iyon ay iyong personal na karanasan, iyong tunay na kaalaman. Ang tinatalakay ng mga taong nagsasalita lamang ng doktrina—yaong mga taong walang taglay na katotohanan ni realidad—ay maaari ding tawaging kanilang pagkatao, dahil nakarating sila sa kanilang doktrina sa pamamagitan lamang ng malalim na pagninilay-nilay at ito ang bunga ng kanilang malalim na pagbubulay-bulay. Subalit ito ay doktrina lamang, walang iba kundi imahinasyon! Ang mga karanasan ng lahat ng uri ng mga tao ay kumakatawan sa mga bagay na nasa kanilang kalooban. Sinumang walang espirituwal na karanasan ay hindi maaaring magsalita tungkol sa kaalaman ng katotohanan, ni ng tamang kaalaman tungkol sa iba-ibang uri ng mga espirituwal na bagay. Ang ipinapahayag ng tao ay kung ano siya sa kanyang kalooban—iyan ang tiyak. Kung nais ng isang tao na magkaroon ng kaalaman tungkol sa mga espirituwal na bagay at sa kaalaman tungkol sa katotohanan, kailangan siyang magkaroon ng tunay na karanasan.

Hinango mula sa "Gawain ng Diyos at Gawain ng Tao" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Bakit ba gumugugol ang karamihan sa mga tao ng labis na pagsisikap sa pagbabasa ng mga salita ng Diyos, ngunit nagkamit lamang ng kaalaman at walang masabing anuman tungkol sa isang tunay na landas pagkatapos? Sa palagay mo, ang pagkakaroon ba ng kaalaman ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng katotohanan? Hindi ba ito isang magulong pananaw? Nagagawa mong magsabi ng kaalaman na kasingdami ng buhangin sa dalampasigan, subalit wala sa mga ito ang nagtataglay ng anumang tunay na landas. Hindi mo ba niloloko ang mga tao sa pamamagitan ng paggawa nito? Hindi ka ba gumagawa ng isang walang kabuluhang palabas na walang anumang sumusuportang diwa? Ang lahat ng ganitong pag-uugali ay nakapipinsala sa mga tao! Kapag mas mataas ang teorya at mas walang katotohanan, mas walang kakayahan ito na dalhin ang mga tao sa realidad. Kapag mas mataas ang teorya, mas ginagawa ka nitong masuwayin at salungat sa Diyos. Huwag mong ituring ang pinakamatatayog na teorya bilang mahalagang kayamanan. Sila ay mapaminsala at walang silbi! Marahil may ilang tao na kayang makapagsabi ng pinakamatatayog na mga teorya—ngunit ang mga ito ay hindi naglalaman ng realidad, sapagkat ang mga taong ito ay hindi personal na nakaranas sa kanila, at dahil dito, wala silang landas para sa pagsasagawa. Ang mga ganitong tao ay walang kakayahang dalhin ang iba sa tamang daan, at ililigaw lamang sila. Hindi ba ito nakapipinsala sa mga tao? Kahit man lamang ikaw, dapat mong makayanang lutasin ang kasalukuyang suliranin ng mga tao at hayaan silang makapasok; ito lamang ang maituturing na dedikasyon, at saka ka lamang magiging angkop para manilbihan sa Diyos. Huwag palaging mangusap ng mararangya at mabulaklak na mga salita, at huwag gumamit ng isang pangkat ng mga hindi angkop na kasanayan upang pilitin ang iba na sundin ka. Ang pagsasagawa nito ay walang epekto at makadaragdag lamang sa kanilang pagkalito. Ang pagpapatuloy nito ay bubuo lamang ng maraming doktrina na magiging sanhi lamang upang kasuklaman ka ng mga tao. Ganito ang pagkukulang ng tao, at ito ay tunay na kahiya-hiya. Dahil dito, mas pag-usapan ang mga suliranin na tunay na umiiral. Huwag ituring ang

mga karanasan ng mga tao bilang iyong personal na pag-aari at ipakita ang mga ito upang hangaan ng iba. Dapat mong hanapin ang iyong sariling daan palabas. Ito ang dapat isagawa ng bawat tao.

Kung ang iyong pagbabahagi ay makapagbibigay sa mga tao ng isang landas na susundan, ito ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng realidad. Anuman ang iyong sasabihin, dapat mong madala ang mga tao sa pagsasagawa at mabigyan silang lahat ng isang landas na susundan. Huwag mo silang pahintulutang magkaroon lamang ng kaalaman. Ang mas mahalaga ay ang pagkakaroon ng landas na maaaring tahakin. Upang ang mga tao ay maniwala sa Diyos, dapat nilang tahakin ang landas na pinangungunahan ng Diyos sa Kanyang gawain. At ang proseso ng paniniwala sa Diyos ay ang proseso ng pagtahak sa landas na pinangungunahan ng Banal na Espiritu. Alinsunod dito, dapat kang magkaroon ng isang landas na tatahakin mo anuman ang mangyari, at dapat kang tumapak sa landas kung saan ka gagawing perpekto ng Diyos. Huwag kang masyadong magpahuli, at huwag mong alalahanin ang napakaraming bagay. Matatanggap mo lamang ang gawain ng Banal na Espiritu at makakamit ang daan papasok kung tatahakin mo ang landas na pinangungunahan ng Diyos nang walang pagkaantala. Ito lamang ang maituturing na naaayon sa mga layunin ng Diyos at sa pagsasakatuparan sa tungkulin ng sangkatauhan. Bilang isang indibidwal sa agos na ito, dapat tuparin nang maayos ng bawat tao ang kanilang tungkulin, gumawa ng mas marami sa kung ano ang dapat na ginagawa ng mga tao, at hindi kumilos ayon sa kanilang kagustuhan. Dapat gawing malinaw ng mga taong nagpapatupad ng gawain ang kanilang mga salita, dapat na lalong magtuon ng pansin ang mga taong sumusunod sa pagtitiis sa oras ng paghihirap at sa pagsunod, at ang bawat tao ay dapat na manatili sa kanilang lugar at huwag kumilos nang hindi nararapat. Dapat na maging malinaw sa puso ng bawat tao kung paano sila dapat magsagawa at kung anong tungkulin ang dapat nilang tuparin. Tahakin ang landas na pinangungunahan ng Banal na Espiritu. Huwag maliligaw o magkakamali.

Hinango mula sa “Magtuon ng Higit na Pansin sa Realidad” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa

Ang ilang tao'y gumagawa at nangangaral at, bagaman sa ibabaw mukhang sila'y nagbabahagi ng salita ng Diyos, ang tanging sinasalita nila ay tungkol sa literal na kahulugan ng salita ng Diyos, walang binabanggit na may nilalaman. Ang kanilang mga sermon ay parang pagtuturo mula sa isang tekstong-aklat ng wika, na nakaayos batay sa aytem, aspeto, at kapag tapos na sila umaawit ng mga papuri ang lahat, sinasabing: "Ang taong ito'y mayroong realidad. Napakahusay nilang mangaral at napaka-detalyado." Matapos silang mangaral, sinasabihan nila ang iba na pagsama-samahin ang lahat ng ito at ipadala sa lahat. Ang kanilang pagkilos ay nagiging panlilinlang ng iba at ang tanging ipinangangaral nila ay mga kabulaanan. Sa ibabaw, mukhang salita lamang ng Diyos ang ipinangangaral nila at mukhang kaayon ito sa katotohanan. Nguni't sa maingat na pagtalos, makikita mong walang iba kundi mga titik at doktrina at huwad na pangangatwiran kasama ng ilang guni-guni at pagkaunawa ng tao gayundin ay ilang bahagi na naglilimita sa Diyos. Hindi ba ang ganitong uri ng pangangaral ay isang paggambala sa gawain ng Diyos? Ito'y paglilingkod na sumasalungat sa Diyos.

Hinango mula sa "Sa Pamamagitan Lamang ng Paghahabol sa Katotohanan Nakakamit ng Isang Tao ang Pagbabago sa Disposisyon" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Hindi nakikita ng ilang mga lider at manggagawa ang mga tunay na problema na mayroon sa loob ng iglesia. Habang nasa sa pagpupulong, pakiramdam nila ay walang may kabuluhang masasabi, kaya't nagpapadala lamang sila sa agos at nagsasalita ng ilang mga titik at doktrina. Lubusan ninyong batid na ang mga mababababaw na mga salitang ito ay mga doktrina, pero gayunpaman ipinangaral ninyo ang tungkol sa mga ito, at sa huli ramdam ninyong wala kayong kasigasigan, at ang mga tao sa ibaba ninyo ay nakikinig at ramdam ding masyadong nakakabagot ito—hindi ba nangyari na iyan? Kung pinipilit mo ang iyong sarili na mangaral, kung gayon sa isang banda hindi gagawa ang Banal na Espiritu, at sa kabilang banda, walang pakinabang para sa mga tao. Kung hindi mo

pa nararanasan ang katotohanan nguni’t gusto mo pa ring mangaral tungkol dito kung gayon, kahit ano pa ang sabihin mo, hindi ka mangangaral nang malinaw—makakapangaral ka lamang ng mga mababaw na bagay. Maaaring iniisip mo na ang mga salitang sinasabi mo ay nililiwanagan, nguni’t doktrina lamang ang mga ito, hindi realidad ang mga ito, at hindi mahahawakan ng mga taong nakikinig ang mga tunay na bagay; maaaring ramdam nila na tama ang sinasabi mo habang nakikinig, nguni’t pagkatapos ganap na malilimutan ito. Kung ang ipinangangaral mo ay hindi ang tunay na kalagayan, hindi mo maaantig ang mga puso ng mga tao; malilimutan nila ito kahit na gusto nilang maalaala ito, at hindi mo sila matutulungan. Kung makatatagpo ka ng isang kalagayan kung saan gusto mong mangaral pero hindi ka makapangaral tungkol sa mga bagay-bagay nang lubusan, kung saan mayroon ka lang ilang kaalaman sa doktrina pero wala kang alam tungkol sa mga bagay na may diwa, at kung hindi mo kayang sagutin ang mga tanong na may diwa na ihinaharap, kung ayon pinakamainam na huwag mangaral paanuman. May mga panahon ding kung kailan nagsisimula kang magtalakay ng isang paksa sa isang pagtitipon, at ramdam mong medyo may sapat kang kaalaman tungkol dito, at maaaring magbahagi tungkol sa ilang tunay na bagay. Pero nang natalakay na mo ito sa isang mababaw na antas nauunawaan ito ng lahat, at wala ka nang anumang maipangaral sa isang malalim na antas. Ang mga hindi alam ng iba, maaaring hindi mo rin alam. Kaya huwag pilitin ang iyong sarili na mangaral; sa halip maaari mong hikayatin ang lahat sa pagbabahagi tungkol sa paksa. Kung sa tingin mong ito ay doktrina, walang saysay na pag-usapan ito, at hindi mabibigyan ng kaalaman ang mga tao mula rito; sa kalagayang ito, anuman ang sabihin mo, hindi gagawin ng Banal na Espiritu ang Kanyang gawain, at kung sa kabila nito ipilit mo pa rin ang iyong sarili, maaari kang makapagsalita ng mga bagay na walang katotohanan at nalilihis, at maaaring mailigaw ang mga tao. Hindi kaya ng mga taong ganap na maunawaan ang mga kaisipang may bahagyang kalaliman sa loob ng maikling panahon; karamihan sa mga tao ay may napakahinang pundasyon at mababa ang kakayahan, at hindi

madaling matandaan ang anumang naririnig nila. Gayunpaman, medyo mabilis pa rin nilang tanggapin ang mga kakatuwa, mapanupil at doktrinal na mga kaisipan. Sadyang kataka-taka ito! Kaya, sa ganitong usapin, dapat kang magbigay ng natatanging pansin. Mapagmagaling ang mga tao, at pinangingibabawan kung minsan ng kanilang pagmamagaling; lubos nilang alam na ang sinasabi nila ay doktrina, subalit patuloy pa rin nila itong sinasabi, sa paniniwalang baka hindi ito mapansin ng kanilang mga kapatid. Sa pagsisikap na maiwasan ang kahihiyan, maaaring hindi nila pansinin ang mga bagay na iyon at sa halip ay tumuon lamang sa pagharap sa kung ano ang kasalukuyang kalagayan. Hindi ba ito panlilinlang lamang sa mga tao? Hindi ito pagiging tapat sa Diyos! Kung isa kang taong nauunawaan ang katotohanan, makakaramdam ka ng kahihiyan sa loob, mararamdaman na hindi ka na dapat magsalita ng ganoon at na dapat mong baguhin ang paksa. Maaari kang magbahagi tungkol sa isang bagay na naranasan mo, o maaari kang magsalita tungkol sa ilang kaalamang mayroon ka tungkol sa katotohanan. Kung hindi ka makapagsasalita nang malinaw tungkol sa isang bagay, lahat kayo kung gayon ay maaaring magbahagian tungkol dito! Hindi kailanman mabuting bagay na mayroon lamang isang tao na ginagawa ang lahat ng pagsasalita. Dahil kulang ka sa karanasan, gaano ka man kahusay na maglarawan sa isip at maghaka ng isang bagay, sa huli magiging doktrina lamang at mga bagay na kuro-kuro ng tao ang iyong sinasabi. Dapat maranasan ang mga bagay na maaaring ikategorya bilang katotohanan; kung walang karanasan, walang sinuman ang ganap na makakaunawa sa diwa ng katotohanan, lalong hindi malinaw na maipaliliwanag ang mga kondisyon sa pagdanas ng isang katotohanan. Dapat na mayroong karanasan ng katotohananan ang isang tao bago siya magkaroon ng tunay na bagay na mapag-uusapan, at hindi katanggap-tanggap ang hindi pagkakaroon ng karanasan; kahit na mayroon kang karanasan, magiging limitado lamang ang saklaw nito, at magagawa mo lamang magsalita tungkol sa ilang mga limitadong kalagayan, wala nang iba. Kung ang isang pagtitipon ay palaging umiikot sa isa o dalawang paksa, pagkatapos ng

pagbabahagian sa ganitong paraan nang ilang sandali, makauunawa ang ilang tao nang kaunti. Ang isa pang posibilidad ay pagkatapos na pagkatapos mong magsimulang magsalita, maaari mong ipagpalagay na nakikipag-usap ka sa isang paraang napakapraktikal, ngunit hindi pa rin talaga nauunawaan ng iyong mga kapatid. Ito ay dahil ang iyong kondisyon ay ang iyong kondisyon, at ang mga kondisyon ng iyong mga kapatid ay hindi kinakailangang eksaktong kapareho ng sa iyo. Bilang karagdagan, mayroon kang kaunting karanasan sa paksang ito, ngunit maaaring wala ang iyong mga kapatid, kaya nararamdaman nilang ang mga sinasabi mo ay hindi natutungkol sa kanila. Anong dapat mong gawin kapag nahaharap sa ganitong uri ng sitwasyon? Dapat mo silang tanungin ng ilang katanungan upang maunawaan ang kanilang kalagayan. Tanungin sila kung ano ang palagay nilang dapat gawin ng isang tao kapag nangyari ang paksang ito, at kung paano dapat magsagawa ang isang tao nang naaayon sa katotohanan. Sa pamamagitan ng pagbabahagian sa ganitong paraan nang ilang sandali, isang landas na pasulong ang magbubukas. Sa ganitong paraan, maaari mong pamunuan ang mga tao na makarating sa puntong ito, at kung lalo ka pang magbahagi, magkakamit ka ng mga resulta.

Hinango mula sa “Alam Mo ba Kung Ano Talaga ang Katotohanan?” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Tandaan ito mula ngayon! Huwag magsalita tungkol sa hungkag na kaalaman; magsalita lamang tungkol sa landas ng pagsasagawa at tungkol sa realidad. Ang paglipat mula sa tunay na kaalaman tungo sa tunay na pagsasagawa, at pagkatapos ay paglipat mula sa pagsasagawa tungo sa tunay na pagsasabuhay. Huwag pangaralan ang iba, at huwag magsalita tungkol sa tunay na kaalaman. Kung ang iyong pagkaunawa ay isang landas, malaya kayong magsalita tungkol doon; kung hindi, mangyaring itikom mo ang bibig mo at tumigil ka sa pagsasalita! Walang silbi ang sinasabi mo. Binabanggit mo ang pag-unawa upang linlangin ang Diyos at inggitin ang iba. Hindi ba iyon ang ambisyon mo? Hindi ba sadya mong

pinaglalaruan ang iba? Mayroon bang anumang halaga ito? Kung nagsasalita ka tungkol sa pag-unawa pagkatapos mo iyong maranasan, hindi nila iisipin na nagyayabang ka. Kung hindi, isa kang taong nagbubuga ng mga salita ng pagyayabang. Maraming bagay sa iyong totoong karanasan na hindi mo madaig, at hindi ka maaaring maghimagsik laban sa sarili mong laman; palagi mong ginagawa ang gusto mo, hindi mo pinalulugod kailanman ang kalooban ng Diyos—subalit malakas pa rin ang loob mong magsalita tungkol sa teoretikal na pag-unawa. Wala kang kahihiyan! Ang tapang mo pa ring magsalita tungkol sa iyong pagkaunawa sa mga salita ng Diyos. Wala kang pakundangan! Ang pagdidiskurso at pagyayabang ay naging likas na sa iyo, at nakasanayan mo nang gawin iyon. Tuwing nanaisin mong magsalita, ginagawa mo iyon nang madali, ngunit pagdating sa pagsasagawa, ang dami mong sinasabi. Hindi ba ito isang paraan ng panloloko sa iba? Maaari mong malinlang ang mga tao, ngunit hindi malilinlang ang Diyos. Ang mga tao ay walang kamalayan at walang pagkahiwatig, ngunit seryoso ang Diyos tungkol sa gayong mga bagay, at hindi ka Niya palalampasin. Maaaring mamagitan ang iyong mga kapatid para sa iyo, pupurihin nila ang iyong pagkaunawa at hahangaan ka, ngunit kung wala kang realidad, hindi ka palalampasin ng Banal na Espiritu. Marahil ay hindi ka hahanapan ng mali ng praktikal na Diyos, ngunit hindi ka papansinin ng Espiritu ng Diyos, at sapat ang hirap niyon para pasanin mo. Naniniwala ka ba rito? Magsalita ka pa tungkol sa realidad ng pagsasagawa; nalimutan mo na ba? Magsalita ka pa tungkol sa praktikal na mga landas; nalimutan mo na ba? “Huwag gaanong magsalita tungkol sa matatayog na teorya at walang-halaga at pinalaking usapan; ang pinakamabuting gawin ay magsimulang magsagawa mula ngayon.” Nalimutan mo na ba ang mga salitang ito? Ni hindi mo man lamang ba nauunawaan? Wala ka bang pag-unawa tungkol sa kalooban ng Diyos?

Hinango mula sa “Pagsasagawa Lamang ng Katotohanan ang Pagtataglay ng Realidad” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Kapag nakikipagsalamuha sa mga salita ng Diyos, pinakamahalaga ang pagpapatotoo sa Diyos. Bakit sinasabi ito ng Diyos, anong epekto ang ninanais ng Diyos na makamit sa pagsasabi nito, kung ano ang kalooban ng Diyos, kung ano ang disposiyon ng Diyos—kailangang malinaw na mapagsalamuha ang lahat ng mga ito. Magkakamit ng epekto ang pakikipagsalamuha sa mga salita ng Diyos sa ganitong paraan. Ang pakikipagsalamuha sa mga salita ng Diyos ay talagang ang patotoo at pagpaparangal kay Cristo, upang maaaring malaman ng mga tao kung ano ang mayroon at kung ano si Cristo. Tanging ito ang tunay na patotoo sa Diyos, at ang tunay na pagsasalamuha sa mga salita ng Diyos. Kung, kapag nakikipagsalamuha sa mga salita ng Diyos, kaunting mga salita at mga doktrina lamang ang nabanggit, walang patotoo sa kung ano ang mayroon at kung ano si Cristo, at ang laman ng kung ano ang pinagsasalamuha ay walang kinalaman sa kalooban ng Diyos, sa kinakailangan Niya sa tao, at sa kung ano ang mayroon at kung ano Siya, sa disposisyon ng Diyos, at sa Diyos mismo, kung gayon walang kahulugan at walang-bisa ang gayong pagsasalamuha – isa itong walang kabuluhang usapan ng mga salita ng Diyos. Kung, kapag nagsasalamuha ka sa mga salita ng Diyos, hindi mo inilalakip ang kalooban ng Diyos, ang disposisyon ng Diyos, at kung ano ang hinihingi ng Diyos sa tao, kung gayon panlilinlang lamang ang iyong mga salita; pinalalabas mo na mayroon kang mahusay na pag-unawa sa mga salita ng Diyos, at may mahusay na kakayahan sa pakikipagsalamuha sa Kanyang mga salita, subalit sa katunayan, pagpapakitang-gilas at pagpaparangal sa sarili ang iyong ginagawa. Mga huwad na pinuno at mga anticristo ang lahat ng mga taong nagsasalamuha sa mga salita ng Diyos sa ganitong paraan. Kapag nagsasalamuha ka sa mga salita ng Diyos, magpatotoo sa kung ano ang mayroon at ano si Cristo, magpatotoo na si Cristo ay Diyos, ipaunawa sa mga tao ang mga salita ng Diyos, at tunay na sundin, katakutan at sambahin si Cristo. Sa paggawa nito, mas nagsasalamuha ka sa mga salita ng Diyos, mas makikilala ng mga tao ang Diyos, at mas hihigit ang pagsunod nila kay Cristo. Tanging ang gayong pagsasalamuha sa mga

salita ng Diyos ang tunay na patotoo at pagpaparangal kay Cristo; ito lamang ang tunay na paggawa upang paglingkuran ang Diyos.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

61. Mga Prinsipyo ng Pagtatatag ng Isang Iglesia

(1) Kung saanman may 20 o higit pang katao na tunay na tinanggap ang gawain ng Diyos at nagpahayag ng hangarin para sa buhay-iglesia, makapagtatatag ng iglesia;

(2) Dapat lamang magtatag ng iglesia sa ilalim ng pangangasiwa ng mga lider ng iglesia, mga diakono na nangangasiwa ng pagpapalaganap ng ebeanghelyo, o diakono na nangangasiwa ng pagdidilig;

(3) Sa sandaling piliin ng iglesia ang mga lider at diakono nito, sila ang nangangasiwa at nananagot sa lahat ng gawain nito at paglutas sa lahat ng problema nito;

(4) Maipapangalan ang isang iglesia batay sa lokasyon nito, at pagkaraan ng pagkakatatag nito, maitatakda ang bilang ng mga kaanib nito batay sa mga kalagayan ng lokal.

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Ang mga prinsipyo ng pagtatatag ng isang iglesia ay ang mga sumusunod: Ang isang iglesia ay maaaring itatag basta't may isang grupo ng mga (10–20) tao na tumatanggap sa gawain ng Diyos, nakasulat ng isang liham ng aplikasyon na humihiling ng pormal na pagpasok sa iglesia, at handang gampanan ang kanilang tungkulin. Kung mayroon lamang 10 o mahigit pang mga baguhan na nais magtipon, maaaring magtatag ng isang lugar na pagpupulungan, ngunit hindi maaaring magtatag ng isang iglesia. Ang mga taong hindi pa pormal na nag-aplay na sumapi sa iglesia ay maaari lamang makibahagi sa pagpupulong; hindi sila itinuturing na pormal na mga miyembro ng iglesia. Ang mga iglesia ay kailangang personal na itatag ng mga lider ng iglesia, isang diyakono ng ebanghelyo, o isang diyakono na nagdidilig sa mga baguhan. Napipigilan ang pagdaraos ng halalan dahil hindi pamilyar sa isa't isa ang mga taong bago sa buhay ng

iglesia. Dahil diyan, kailangang hirangin ang mga unang lider at diyakono ng mga iglesia ng mga baguhan sa pamamagitan ng talakayan ng ilang taong pamilyar sa mga baguhan. Ito ang panahon ng pagsubok; angkop na angkop na magdaos ng mga halalan pagkaraan ng anim na buwan hanggang isang taon, kapag lahat ay pamilyar na sa isa't isa. Kapag itinatatag ang isang iglesia, kailangang magdaos ng isang pulong-panalangin ang kahihirang pa lang na mga lider ng iglesia. Sa pagpupulong na ito, magkakaroon muna ng isang pormal na pagpapahayag ng pagkakatatag ng iglesia, pagkatapos ay magsisimula ang panalangin. Bawat tao ay magdarasal sa harap ng Diyos, magpapahayag na pormal silang naniniwala sa Makapangyarihang Diyos at sumasapi sa iglesia, at handang magpasakop sa gawain ng Diyos, tanggapin ang katotohanan, maging malinis, at gawin ang lahat ng abot-kaya nila upang ipahayag at patotohanan ang Diyos. Maaari din nilang sabihin sa Diyos ang kanilang mga naisin at hangarin, at maaari nilang sabihin sa Diyos ang mga salitang nasa kanilang puso. Kasunod ng mga panalangin ng mga hinirang, tapos na ang pagtatatag ng iglesia. Sa panimula kapag naitatag na ang iglesia ng mga baguhan, dapat gumawa ng mga plano ang mga lider ng distrito na diligan sila at suportahan ng mga tao sa pamumuhay ng buhay-iglesia. Ang mga baguhan na tunay na naniniwala sa Diyos, nagmamahal sa katotohanan, at mahusay ang kakayahan ay kailangan ding mapangalagaan upang maunawaan nila ang katotohanan at makapasok sila sa realidad ng katotohanan sa lalong madaling panahon. Pagkaraan ng isang taon, ang baguhang mga lider at diyakono ay maaaring tumanggap ng responsibilidad na pormal na gumabay sa buhay-iglesia.

Walang mga limitasyon sa pagdami ng mga miyembro ng mga iglesia ng mga baguhan sa ibang bansa. Dapat ay mayroong kahit man lang silang 50–100 miyembro. Kung nahihirapan ang mga baguhan sa pagdaraos ng mga pulong dahil sa napakaraming miyembro, basta't may mapipiling mga angkop na lider, maaaring magtatag ng isang hiwalay na iglesia kung hiniling. Ang pinakamahalagang prinsipyo sa pagtatatag ng isang iglesia ay ang pagkakaroon ng mga tamang tao upang kumilos bilang

mga lider—ito ang mahalaga. Maaaring isunod ang pangalan ng iglesia sa lugar na kinaroroonan nito, katulad sa mga iglesia ng Corinto at Efeso at kung saan-saan pa na nakatala sa Biblia. Kapag naitatag na ang iglesia, maaari nang magbuo ng mga pangkat na nagpupulong batay sa kung saan nakatira ang mga baguhan. Kung masyadong magkakalayo ang mga baguhan at hindi sila makapagpulong nang magkakasama, maaari silang magtipon, magbahaginan, at makipag-ugnayan sa isa't isa online.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Bubuuin ng isang pangkat na may limang tao ang lupon sa administratibo ng iglesia, na may dalawang pinuno na may pantay na katandaan na may koordinasyong naglilingkod, at tatlong diyakono. Ang tatlong diyakono ay dapat binubuo ng isang diyakono ng pangangaral ng ebanghelyo, isang diyakono ng pangkalahatang gawain, at isang diyakono ng pagbibinyag. Direktang pananagutan ng dalawang pinuno ang buhay ng iglesia.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Para sa mga bagong dating mula sa mga hindi mananampalataya, kung higit sa tatlong buwan na silang nananampalataya at nasa 20 ang bilang, maaari silang magtatag ng bagong iglesia. Kung lahat sila ay bagong mananampalataya at hindi pa rin tiyak na ito ang tunay na daan, kung ganoon kahit gaano pa sila karami, kailangang hindi madaliin ang pagtatatag ng bagong iglesia. Kung ang mga bagong dating mula sa mga hindi mananampalataya ay kakaunti at nakakalat o hinugot mula sa direktang pamilya, mga kamag-anak, o mga kaibigan ng mga kapatid at mas pamilyar sa kanila, kung maayos nilang maibabagay ang sarili, kung gayon maaari silang mailuklok sa iglesia makalipas ang tatlong buwan. Kung, sa sandaling naitatag na ang iglesia, natuklasang binubuo ito ng mga taong hindi maaasahan, maaari silang mailagay sa Grupo B para sa pagtitipon upang sila ay maobserbahan.

Ang mga prinsipyo at mga kundisyon para sa pagtatatag ng iglesia ng mga bagong dating mula sa mga hindi mananampalataya ay, kailangan nilang maunawaan ang ilang mga aspeto ng pangunahing kaalaman na pinakamababang kinakailangang dapat taglayin ng isang Kristiyano: 1. Kailangan nilang kilalanin, sa kanilang mga puso, na ang Makapangyarihang Diyos lamang ang tanging tunay na Diyos na may likha sa langit, lupa, at lahat ng naroon at ang Panginoon ng lahat sa sansinukob. 2. Kailangan nilang magkaroon ng kamalayan na ang pananampalataya sa Diyos ay upang mailigtas, makatakas sa kasalanan, makatakas sa impluwensiya ni Satanas, ganap na makabalik sa Diyos, magpasakop sa Diyos, at sambahin ang Diyos; sa pananampalataya sa Diyos sa ganitong paraan lamang nila makakamtan ang buhay na walang hanggan. 3. Kailangan nilang pagtibayin ang pangalan ng tunay na Diyos. Hindi nila dapat sambahin ang mga idolo o masasamang espiritu, at kailangang talikuran ang lahat ng mga huwad na diyos at masasamang espiritu. 4. Kailangang hindi sila makibahagi sa mga gawaing pampulitika. Dapat silang sumunod sa mga pambansang sistemang pampulitika, subalit sa kanilang pananampalataya na hindi mapasailalim sa mga takda ng anumang bansa, pamahalaan, o partidong pampulitika; Diyos lamang ang kailangan nilang sundin, hindi mga tao. 5. Kailangang matalino sila; kailangang may pananagutan silang pagtibayin ang gawain at mga kapakanan ng bahay ng Diyos, at kung hindi, hindi sila nababagay na makibahagi sa biyaya ng Diyos. Maaaring maitatag ang bagong iglesia para sa kanila o maaari silang tanggapin sa isang umiiral nang iglesia kung nauunawaan nila ang mga bagay na ito; kung hindi, dapat na ipagpaliban ang pagtatatag ng bagong iglesia o ang pagtanggap sa kanila sa isang umiiral nang iglesia.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

62. Ang Mga Prinsipyo ng Mga Halalan sa Iglesia

(1) Bago ang isang halalan, kinakailangang magbahagi tungkol sa

katotohanan at maunawaan ang mga prinsipyo. Ihalal bilang mga lider at manggagawa ang mga makagagawa ng praktikal na gawain, alinsunod sa mga pagkakaayos ng gawain;

(2) Sa panahon ng isang halalan, kinakailangang isagawa ang katotohanan at tratuhin nang patas ang mga tao. Huwag padala sa emosyon, o sa mga pansariling kagustuhan o kinaaayawan; bagkus, bumoto nang walang kinikilingan batay sa mga prinsipyo;

(3) May karapatan ang bawat tao sa isang iglesia na bumoto sa isang halalan at may karapatang maihalal. Walang sinumang tao ang basta-basta na lamang makapag-aalis ng mga karapatan ng iba na bumoto at maihalal;

(4) Lubos na walang pinahihintulutang makapagtalaga ng isang kandidato nang may kinikilingang panig, at kinakailangang garantiyahan na may-bisa ang hindi bababa sa 80% ng boto ng mga kaanib ng iglesia para sa naturang halalang iyon.

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

May kinalaman ang mga demoktratikong halalan ng iglesia para sa mga pinuno at mga manggagawa sa pangunahing pangyayari upang makapasok sa tamang landas ng pananampalataya sa Diyos ang hinirang na mga tao ng Diyos. May direktang kinalaman ang mga ito sa pangunahing paksa ng buhay iglesia. Sa paghahalal lamang ng mabuting mga pinuno at manggagawa maaakay ang mga hinirang ng Diyos na maunawaan ang katotohanan at makapasok sa tamang landas ng pananampalataya sa Diyos. Kung magkakaroon ng kapangyarihan sa iglesia ang mga huwad na pinuno at mga anticristo, hindi lamang nila maaantala ang hinirang na mga tao ng Diyos sa kanilang pagtamo ng kaligtasan, magagambala rin nila ang buhay iglesia. Magdadala sila ng mga sakuna sa iglesia, at manganganib at mabibiktima ang hinirang na mga tao ng Diyos. Kaya, napakahalaga ng kung paano tratuhin ng hinirang na mga tao ng Diyos ang mga halalan ng iglesia, at dapat hangarin ng lahat ng hinirang ng Diyos ang katotohanan at isakatuparan ang halalan nang may kapormalan at alinsunod sa mga prinsipyo. Ipinahayag sa mga

sumusunod ang pitong prinsipyo ng demokratikong halalan ng iglesia na kailangang maunawaan at sundin ng hinirang na mga tao ng Diyos. Dapat na malinaw na maunawaan ng hinirang ng Diyos ang mga ito.

1. May karapatang maghalal at mahalal ang lahat ng hinirang na mga tao ng Diyos sa iglesia (maliban sa yaong mga paaalisin o ititiwalag). Walang sinuman ang may karapatang humadlang sa karapatan ng hinirang na mga tao ng Diyos na maghalal at mahalal.

2. Kapag ang mga halalan ay ginaganap ng iglesia, kailangang maabisuhan ang lahat ng hinirang na mga tao ng Diyos, at kailangang makilahok ang bawa't isa (patungkol ito sa pagboto). Yaong mga nakakaalam subalit hindi nakikilahok sa halalan ay ipapalagay na kusang isinusuko ang kanilang mga karapatan. Walang sinuman ang may karapatan na abisuhan ang ilang mga tao lamang upang makilahok sa hahalan o pilitin ang isang grupo ng mga tao na sumuko. Sinumang umaagaw sa karapatan ng iba na bumoto o tinatakdaan sila sa pagboto ay isang napakasamang tao na lumalabag sa mga karaparang pantao at nilalabanan ang katotohanan.

3. Sa halalan ng iglesia, walang sinuman ang pinapayagang humirang ng kandidato, o sadyang mag-udyok o mamilit ng hinirang na mga tao ng Diyos na bumoto sa pamamagitan ng pagsunod sa kalooban ng ilang mga tao. Humahadlang sa mga karapatang pantao at sumasalungat sa katotohanan ang kilos na ito. Bago ang halalan, tanging pakikipagsalamuha sa katotohanan at pangangaral ng mga prinsipyo na isasagawa ang pinapayagan. Ito ang wastong paraan ng pakikipagsalamuha sa katotohanan at paggawa sa mga tungkulin ng isang tao. Sinumang magtatalaga ng kandidato ayon sa kanilang sariling kalooban o mag-uudyok, manlilinlang, o mamimilit ng mga tao na mangasiwa ng di-wastong halalan ay magpapawalang-bisa sa mga resulta ng halalan.

4. Kailangang katumbas ng hindi bababa sa 80% ng kongregasyon ng iglesia ang bilang ng mga botanteng nakikilahok sa isang halalan sa iglesia. Ang bilang ng nakikilahok na mga botante sa mga distrito at mga

rehiyon ay maaaring ang pinakamataas na bilang na matatamo, gaya ng idinidikta ng mga pangyayari. Kung sakaling may ilang hinirang na mga tao ng Diyos ang hindi makalahok sa botohan dahil hindi sila naabisuhan, ang partikular na halalan na iyon ay walang-bisa.

5. Walang sinuman ang may karapatang palitan o alisin ang kahit sinong pinuno o manggagawa na makatarungan at nararapat na nahalal, maliban na lamang kung natagpuan silang nagpapakita ng pag-uugali na malinaw na di-kaayon sa pagtupad ng tungkulin ng isang pinuno o manggagawa. Sa gayong sitwasyon, hindi bababa sa 80% ng hinirang na mga tao ng Diyos ang kailangang sumang-ayon bago pagbawalan ang inaasahang pinuno o manggagawa o bago maganap ang isang halalang karagdagan.

6. Naitatag nang institusyon ang demokratikong halalan ng mga pinuno at manggagawa ng iglesia sa lahat ng antas. Ginaganap ang halalan isang beses sa isang taon, at isang taon ang panahon ng panunungkulan. Walang sinuman ang may karapatang palitan ang pinuno o manggagawa sa kahit anong antas na nagmula sa isang halalan ng iglesia. Kung ang isang nahalal na pinuno o manggagawa ay may nagawang mga malubhang pagkakamali sa tungkulin na pinawalang kakayahan silang ipagpatuloy ang gawain, maaaring maganap ang isang halalang karagdagan para sa kanilang kapalit sa sandaling mapahintulutan ito ng karamihan sa hinirang na mga tao ng Diyos.

7. Mula sa araw na iprinoklama ng bahay ng Diyos ang ganap na pagpapatupad ng sistema ng halalan ng iglesia, kailangan maihalal ang mga pinuno sa lahat ng antas ng iglesia, at walang sinuman ang may karapatang humirang o magtalaga ng mga pinuno ng iglesia sa lahat ng antas. Ito ang administratibong alituntunin ng bahay ng Diyos na walang sinuman ang may karapatang baguhin. Maparurusahan bilang isang anticristo ang sinumang lalabag sa administratibong alituntunin na ito.

Matapos ipatupad ang pitong prinsipyo ng demokratikong halalan ng mga pinuno at manggagawa ng iglesia, ang mga pinuno at mga manggagawa sa lahat ng antas at ang hinirang na mga tao ng Diyos ay

kailangang naaayon na sumunod sa pagsasagawa. May karapatan ang hinirang na mga tao ng Diyos na pamahalaan ang mga pinuno at mga manggagawa ng iglesia sa lahat ng antas upang mangasiwa ng mga halalan ayon sa pitong prinsipyo. Maaaring magsama-sama ang hinirang na mga tao ng Diyos upang takdaan at pigilan ang sinumang pinuno o manggagawa sa anumang antas na lumalabag sa pitong prinsipyo na ito. Kung tatanggi silang sumunod, maaaring manawagan ang hinirang na mga tao ng Diyos sa mga mataas na antas na pinuno. Isa itong makatarungang kilos para sa pagpapanatili ng gawain ng iglesia. Dapat na sumuporta at makipagtulungan ang lahat ng hinirang na mga tao ng Diyos. Sa pagpapatupad sa gayong paraan lamang matatakdaan ang panggagambala at pandadaluhong ng mga huwad na pinuno, huwad na manggagawa, at napakasamang mga tao. May awtoridad ang iglesia na magtiwalag ng sinumang masasamang mga tao na malinaw na nalantad sa mga halalan ng iglesia kapag nabigo silang pagsisihan at aminin ang mga kasalanan. Gayunman, ang kilos nito ay kailangang iulat para sa pahintulot.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Dapat na maunawaan ng lahat ng hinirang na mga tao ng Diyos na ang pagiging mahusay sa pagpili ng mga pinuno ng iglesia at mga diyakono ay pangunahing pangyayari na nakakaapekto sa kung maililigtas ba o hindi ang bawat hinirang na mga tao ng Diyos. Ito ang uri ng saloobin na dapat mayroon ang lahat ng hinirang na mga tao ng Diyos ukol sa usaping ito: Piliin ang kung sinumang maaakay ka patungo sa tamang landas ng pananampalataya sa Diyos; piliin ang kung sinumang magagabayan ka para mailigtas ng Diyos. Paano ka man pinakitunguhan sa nakaraan, dapat mong pakawalan ang anumang personal na mga hinanakit at bumoto nang ganap na walang-kinikilingan. Kung tunay kang nananampalataya sa Diyos, kung gayon alang-alang na mailigtas Niya, dapat mong ituring nang tama ang usapin ng paghahalal ng mga pinuno ng

iglesia at ng mga diyakono. Nagdudulot lamang ng pinsala sa iyong sarili ang pagboto batay sa mga emosyon at personal na pagnanasa, at maaari mong ikapahamak. Wala itong makakamit na kahit anong mga pakinabang, ni hindi rin ito para sa kapakanan ng sinumang hinirang na mga tao ng Diyos. Samakatuwid, kapag naghahalal ng mga pinuno ng iglesia at mga diyakono, ang hinirang ng Diyos ay dapat maging maalalahanin sa Kanyang kalooban at isagawa ang katotohanan. Huwag boboto nang madamdamin; pakawalan ang personal na hinanakit, at kumilos alinsunod sa prinsipyo. Sa ganitong paraan ka lamang makakasunod sa kalooban ng Diyos at mapapanagutan ang sarili mong buhay. Bago ang bawat halalan ng iglesia, ang mga prinsipyo sa likod ng pagpili ng mga pinuno at mga diyakono ay dapat malinaw na mapagsalamuha, at pagkatapos ang naturang pagpili ay dapat pormal na maisakatuparan. Sa panahon ng halalan, dapat na pamunuan at pamahalaan ng mga matataas na ranggong pinuno at manggagawa ang proseso ng pagboto. Makatarungan at makatwiran ang pagtatalaga ng mga pinuno ng iglesia at mga diyakono sa pamamagitan ng halalan. Sa isang banda, nilulutas nito ang anumang paglihis na maaaring magresulta mula sa mga ginawang pagtatalaga ng mga matataas na ranggong pinuno, at sa kabilang banda napipigilan nitong magpatuloy sa tungkulin ang mga hindi naaangkop na pinuno at manggagawa. Makabubuti ito pareho sa gawain ng iglesia at sa hinirang na mga tao ng Diyos. Noong araw, masyadong maliit ang bahagdan ng mga karapat-dapat na mga pinuno at mga diyakono na itinalaga ng mga matataas na ranggong pinuno at manggagawa, at masyadong maraming mga paglihis. Dahil hindi nagtataglay ng katotohanan ang mga tiwaling tao na hindi pa natatamo ang kaligtasan, hindi nila naaarok ang kalikasang diwa ng mga tao, maaaring manggamit ng mga tao alinsunod sa kanilang sariling mga pagnanasa, at walang pananggalang sa panlilinlang, pandaraya, at pinagsasamantalahan din ng iba. Samakatuwid, napagpasiyahan ng bahay ng Diyos na kailangang demokratikong ihalal ang mga pinuno ng iglesia at mga diyakono sa halip na direktang itinatalaga ng sinumang tao. Ito ang ibig sabihin ng pagpapakita ng

pananagutan para sa hinirang na mga tao ng Diyos. Ang kasunod na mga halalan ng mga pinuno ng iglesia at mga diyakono ay gaganapin isang beses kada taon. Pagkatapos mahalal ng mga pinuno ng iglesia at mga diyakono, direkta silang didiligan, aarugain at susuportahan ng mga pinuno at manggagawa ng distrito. Kung ang nahalal na tao, pagkatapos gumawa ng ilang sandali, ay hindi makatapos ng totoong gawain o hindi naaangkop para sa katungkulan, kung gayon maaaring ganapin ang bagong halalan para sa kanilang posisyon. Maaaring mahalal muli ang mga pinuno at mga diyakono na may kakayahang gumawa nang mabisa hangga't sumasang-ayon sa kanila ang karamihan sa hinirang na mga tao ng Diyos. Inihahandog ng gawain ng Diyos sa mga tao ang kalayaang mamili. Mula ngayon, ang mga pinuno at mga manggagawa sa lahat ng antas ng iglesia ay ihahalal ng hinirang na mga tao ng Diyos, at lahat ng yaong hindi nila sinang-ayunan ay kailangang pagbawalan. Dapat na alisin ang isang nahalal na tao na kalaunan ay nalantad habang sumasailalim sa mga paglilitis, at pagkatapos dapat bumotong muli para sa bagong tao ang hinirang na mga tao ng Diyos. Karamihang hindi tama ang mga personal na pagtatalaga ng mga pinuno at mas mababa ang pag-asang magtagumpay, samantalang ang karamihan sa mga inihalal ng hinirang na mga tao ng Diyos ay bahagyang tama at malamang na mas may pag-asang magtagumpay. Isa itong katotohanan.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Bago maganap ang halalan, kailangang magtipon ang bawat iglesia ng tatlo hanggang limang beses upang magsalamuha sa katotohanan nang sa gayon ay mauunawaan ng hinirang na mga tao ng Diyos ang kahalagahan ng halalan at malalaman na kailangang-kailangan ang pagpili ng mabuting mga pinuno para sa bawat hinirang ng Diyos na matamo ang kaligtasan sa kanilang paniniwala. Kung ang nahalal na mga pinuno ay napakasamang mga tao, huwad na mga pinuno, o mga anticristo pala, kung gayon ang iglesia ay hindi magkakaroon ng mabuting buhay iglesia, at lahat ng

hinirang na mga tao ng Diyos sa iglesia ay makakaranas ng mga kawalan sa kanilang mga buhay. Samakatuwid, makapaghahalal man o hindi ng mabuting mga pinuno ang iglesia ay kinabibilangan ng katanungan na kung may mabuting buhay iglesia ba ang hinirang na mga tao ng Diyos at kung makatatamo ba sila ng pag-unawa sa katotohanan—na direktang may kaugnayan sa pagpasok sa buhay ng bawat hinirang ng Diyos. Kung malinaw na maipagsasalamuha ang katotohanan sa ganitong bagay, makikita ng hinirang na mga tao ng Diyos na mahalaga ang hahalan. Taimtim silang magmumuni-muni at pag-iisipan ito upang makita kung aling mga tao ang mas matino pagdating sa pakikipagsalamuha sa katotohanan, makalulutas ng praktikal na mga suliranin para sa hinirang ng Diyos, at angkop sa mga tungkulin sa pamumuno. Pagkatapos pag-isipan ang mga ito, boboto na sila nang naaayon. Direktang makabubuti ito para sa hinirang na mga tao ng Diyos. Magiging walang-katiyakan kung bumoto ka alinsunod sa panlabas na mga pagganap ng mga tao o sa iyong mga haka-haka at kung ano ang iyong akala. Lubhang masigasig ang ilang mga tao at kayang pabayaan ang kanilang mga sarili o tumakbo mula sa isang lugar at patungo sa isa pa, handang gumawa para sa Diyos; at maaaring bahagya rin silang mahusay magsalita at magaling makisalamuha– subalit hindi nila nauunawaan ang katotohanan, ibig sabihin hindi sila naaangkop sa pagiging mga pinuno. Kung pumipili ng tauhan upang ipakalat ang ebanghelyo, mainam pa rin na ibatay ang iyong pagpili sa mga kundisyong ito, subalit kung pumipili ng mga pinuno, hindi sila magiging karapat-dapat kung ang mga pamantayan na ito lamang ang mayroon sila. Ang maunawaan ang katotohanan ang pangunang kailangan sa pagiging pinuno, dahil ang tungkulin ng isang pinuno ay ang pamunuan ang mga tao na kumain at uminom ng mga salita ng Diyos, na maunawaan ang katotohanan, na makapasok sa realidad, na makapasok sa tamang landas ng pananampalataya sa Diyos, at na matamo ang kaligtasan. Kaya naman, hindi simpleng bagay ang paghahalal ng isang pinuno. Hindi lahat ng sinumang nakakatakbo sa paligid ay may kakayahang maglingkod bilang isang pinuno, ni hindi lahat ng sinumang may maraming kaalaman ay may

kakayahang tulungan ang iba na maunawaan ang katotohanan, ni hindi lahat ng taong mahusay magsalita ay kayang maglutas ng mga suliranin. Sa halip, kailangang maunawaan ng mga pinuno ang katotohanan, magtaglay ng mabuting pagkatao, at magkaroon ng gawain ng Banal na Espiritu. Bakit hindi nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu ang mga huwad na pinuno? Ito ay dahil hindi nila hinahangad o minamahal ang katotohanan. Kung walang pag-unawa sa katotohanan at sa gawain ng Banal na Espiritu, at sa kabila ng kung gaano sila kahusay magtatakbo sa paligid, anong mga suliranin ang malulutas nila para sa hinirang na mga tao ng Diyos? Anong mga pakinabang ang maihahandog nila? Sa gayon, ang isang taong may marubdob na damdamin subalit kaya lamang magtatakbo sa paligid, ay hindi maaaring maging pinuno. Upang maging pinuno, kailangang maunawaan ng isang tao ang katotohanan. Kapag may nakita kang tao na nauunawaan ang katotohanan at nagtataglay ng realidad, na may mabuting pagkatao, at kayang makipagsalamuha sa at tulungan ang hinirang na mga tao ng Diyos na lumutas ng kahit anong mga paghihirap na maaaring mayroon sila, kung gayon ito ang uri ng tao na dapat mong piliing mamuno. Hindi lamang makabubuti para sa iyong sariling paglago sa buhay kung gagawin ito, matutulungan din nito ang lahat ng hinirang na mga tao ng Diyos upang matamo ang pagpasok sa buhay. Samakatuwid, kailangan mong kumapit sa mga prinsipyo kapag pumipili ng pinuno. Kung walang mga prinsipyo, pikit-mata kang maghahalal nang walang-pili batay sa sarili mong mga pagnanasa, at talagang hindi iyan maaari.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

Dapat na mahalal ang mga pinuno ng iglesia at mga diyakono ng kabuuan ng hinirang na mga tao ng Diyos sa loob ng iglesia, at hindi ng ilan lamang sa kanila. Kung may taong hindi lumalahok sa isang halalan dahil sa nabigyang katwiran na mga pangyayari, kung gayon yaong mga nakikilahok sa botohan ay dapat binubuo ng pinakamababang walumpu o higit pang bahagdan ng kabuuang kasapi ng iglesia; sa ganitong paraan

lamang magiging mabisa ang halalan. Bukod pa roon, may karapatan ang lahat ng hinirang na mga tao ng Diyos na bumoto at mahalal. Maliban sa mga taong dapat na paalisin o itiwalag, may karapatan ang lahat na makilahok sa mga halalan. Walang sinuman ang may karapatang takdaan ito. Maaaring kusang isuko ng mga tao ang kanilang karapatan, subalit hindi tama para sa isang pinuno o manggagawa na takdaan ang anumang partikular na grupo ng mga tao mula sa pakikilahok sa isang halalan. Kailangang hindi ito payagan ng bahay ng Diyos. Kailangang hindi pahintulutan ng halalan ng iglesia ang kahit na sino na humirang ng kandidato. Balighong pamamaraan ng halalan ng malaking pulang dragon ang pagtatalaga ng larangan ng mga kandidato, at kailangang hindi ito gayahin ng bahay ng Diyos kailanman. Ang pagtatalaga ng mga kandidato ay paraan ni Satanas at nararapat na tanggihan ng hinirang na mga tao ng Diyos. Kailangang nakatatag sa mga saligan ng pagtitiwala sa hinirang ng Diyos ang pagsasakatuparan ng mga halalan ng iglesia. Dapat na tumpak at tama ang karamihang pananaw ng hinirang na mga tao ng Diyos. Lahat ng mga walang tiwala sa hinirang ng Diyos, at naniniwala lamang sa sarili nilang mga pananaw, ay mga mapagmataas at palalong tao na hindi nagtataglay ng katinuan. Lahat ng mga palaging nagtatalaga ng mga kandidato para sa mga halalan ng iglesia ay mga makasarili at kasuklam-suklam na tao na may mga lihim na layunin. Dahil maliliit na mga pagpupulong ng grupo ang isinasagawa ng iglesia, karamihan sa mga tao ay hindi kilala ang isa't isa. Dahil dito, maaaring maghalal muna ng isang tao mula sa loob ang bawat grupo, at sa huli, maaaring magsama-sama ang lahat ng mga nahalal mula sa bawat grupo para magkaroon ng mga pagpupulong ng isa o dalawang araw bago maghahalal ng mga pinuno ng iglesia at mga diyakono. Sa ganitong paraan, magiging ganap ang halalan.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Itinatakda ng bahay ng Diyos na lahat ng hinirang na mga tao ng Diyos (maliban sa yaong mga paaalisin o ititiwalag) ay may karapatang bumoto at

mahalal. May ilang mga natatanging pangyayari na dapat tratuhin nang may kakayahang umangkop.

1. Kung nagkaroon ng tunay na mga karanasan sa buhay ang ilang dating napalitan na mga pinuno at mga manggagawa na may mas mabuting pagkatao, nagkamit ng malaking pag-unlad sa buhay sa nakaraang mga taon, at nakalulutas ng mga suliranin sa pamamagitan ng pakikipagsalamuha sa katotohanan, ang gayong mga tao ay karapat-dapat na mahalal bilang mga pinuno at mga manggagawa. Ito ay dahil ang gawain ng pagliligtas ng Diyos ay nakabatay sa kung mayroong katotohanang realidad ang mga tao at kung nakapagkamit sila ng totoong pagbabagong-anyo sa kanilang buhay-disposisyon, hindi sa kung nakagawa sila ng mga paglabag sa nakaraan.

2. Tungkol sa ilang hinirang na mga tao ng Diyos na pinaghahanap ng mga awtoridad at pinagkaitan ng buhay iglesia ilang taon ang nakararaan, dapat silang makilahok sa buhay iglesia at tamasahin ang karapatang bumoto at mahalal kung hindi sila sumailalim sa pag-uusisa at pagsisiyasat sa nakaraang isa hanggang dalawang taon. Sa ganitong sitwasyon, ang mga tao ay hindi dapat kumapit sa mga alituntunin nang ayon lamang sa sariling kagustuhan, kung hindi ay maaaring maantala o mapinsala ang iba.

3. Sinuman na hindi nagagampanan ang kanilang tungkulin sa nakaraang anim na buwan dahil pinaghahanap o sinisiyasat ng mga awtoridad, o dahil pinahihirapan ng malalang karamdaman, ay maaaring bumoto kung nais nilang makilahok sa halalan (hindi na kailangang personal na dumalo). Sa kabila ng pagkakaroon ng karapatang mahalal, ang gayong mga tao ay malamang na walang mga kakayahang kailangan upang mahalal. Mayroon ding sitwasyon kung saan ang isang tao ay naging mahalay o nasangkot sa mga homoseksuwal na gawain sa maikling panahon bago nanampalataya sa Diyos. Kung, pagkatapos makakamit ng pananampalataya, ang mga ganitong uri ng tao ay naipakitang tunay silang nagsisi at maayos na gumanap, kung gayon sila rin ay karapat-dapat na mahalal hangga’t kaya nilang gampanan ang aktuwal na gawain.

4. Kung nauunawaan ng isang taong nagdadala ng nakahahawang

karamdaman ang katotohanan, nagtataglay ng mabuting pagkatao, at may kakayahang magsagawa, kung gayon hangga't hindi nakakaapekto ang karamdaman sa kanilang gawain, at maiiwasan nilang makahawa ng iba, maaari silang mahalal bilang pinuno o manggagawa. Kung napakahina ng kanilang kalusugan para magsagawa, hindi sila naaangkop sa paglilingkod bilang pinuno o manggagawa.

5. Hindi na kailangang pumili ng dalawang lalaki o dalawang babae sa isang halalan para sa mga pinuno; mainam din ang pagpili ng isang lalaki at isang babae. Gayunpaman, pagdating sa paggawa ng mga tungkulin nang magkasama, dapat maiwasan ang ugnayan sa pagitan ng dalawang kasarian kung walang ibang kasama.

6. Mga manggagawa ang mga hepe ng kagawaran ng rehiyon at distrito at ang mga komander na nanangangaral ng ebanghelyo, at kailangan silang ihalal. Kailangang maihalal ang lahat ng mga pinuno at mga manggagawa, at hindi maaaring italaga o hirangin ng sinuman. Yaong mga nagsasagawa ng mga natatanging tungkulin ay kailangang mapili sa pamamagitan ng pakikipagkasundo ng mga pinuno at mga manggagawa, bagaman hindi na kailangang hayagang ipaalam sa buong iglesia ang prosesong ito. Lalo itong totoo pagdating sa tauhang kabilang sa mga serbisyong pang seguridad; talagang kailangang hindi hayagang ipaalam ang mga ito sa buong iglesia.

Sa sandaling nahalal ng iglesia ang mga pinuno at mga manggagawa nito sa lahat ng antas, papasok sa tamang landas ang lahat ng gawain nito, at normal na makakasali sa buhay iglesia ang hinirang na mga tao ng Diyos at matutupad ang kanilang mga tungkulin. Pagkatapos maaari na silang patas na makipagpaligsahan habang ginagawa ang kanilang mga tungkulin at nagsasagawa ng katotohanan, nang hindi napipigilan ng sinuman. Susuportahan at ihahalal ng hinirang na mga tao ng Diyos ang kung sinumang nagsasagawa ng katotohanan at nagtataglay ng realidad; hindi kailangang magpalangis sa kahit na sino o kumuha ng mga pahiwatig mula sa iba. Dapat silang ganap na tumayo batay sa katotohanang realidad; sa ganitong paraan, lilitaw ang isang totoong buhay iglesia at ang

hinirang na mga tao ng Diyos ay tunay na mapapalaya.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

63. Ang Mga Prinsipyo ng Paghahalal sa Mga Lider at Manggagawa

(1) Naaangkop lamang na ang mga inihalal para maging mga lider at manggagawa ay mayroon dapat na dalisay na pagkaunawa sa katotohanan at nagawang tanggapin ito; dapat nilang hanapin ang katotohanan at may mabuti silang kakayahan;

(2) Hindi naman lahat ng may mapagmataas na disposisyon ay pare-pareho na. Kung nagagawa ng isang tao na tanggapin ang katotohanan at makagawa ng praktikal na gawain, maaari silang maihalal;

(3) Hangga't tunay silang nakapagsisi at may kakayahang sa praktikal na gawain, ang mga lider at manggagawa na nakalabag at natanggal sa puwesto sa nakaraan ay maaaring maihalal;

(4) Ang mga inihalal na lider at manggagawa ay dapat na pinakamahuhusay sa mga may kakayahang lutasin ang mga problema sa pamamagitan ng pagbabahagi tungkol sa katotohanan at makagagawa ng praktikal na gawain.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Mula pa sa simula ng gawain Niya sa buong sansinukob, ang Diyos ay nagtalaga na ng maraming tao upang paglingkuran Siya, kabilang ang mga tao mula sa iba't ibang kalagayan sa buhay. Ang layunin Niya ay tuparin ang Kanyang sariling kalooban at tiyaking ang Kanyang gawain sa daigdig ay maisasakatuparan nang maayos; ito ang layunin ng Diyos sa pagpili ng mga tao na maglilingkod sa Kanya. Dapat maunawaan ng bawat taong naglilingkod sa Diyos ang kalooban Niya. Sa pamamagitan ng Kanyang gawaing ito, mas nakikita ng mga tao ang karunungan ng Diyos at ang Kanyang kapangyarihan na higit sa lahat, at ang mga prinsipyo ng Kanyang gawain sa lupa. Ang Diyos ay tunay na dumating sa lupa upang

gawin ang Kanyang gawain, makipag-ugnayan sa mga tao, upang mas malinaw nilang malaman ang Kanyang mga gawa. Ngayon, kayo, itong grupong ito ng mga tao, ay mapalad na nakapaglilingkod sa tunay na Diyos. Ito ay hindi matuos na pagpapala para sa inyo—tunay ngang itinatag kayo ng Diyos. Sa pagpili ng isang tao na maglilingkod sa Kanya, ang Diyos ay laging may sariling mga prinsipyo. Ang paglilingkod sa Diyos ay hindi nangangahulugan, gaya ng naiisip ng tao, na ito ay tungkol lamang sa pagkakaroon ng sigasig. Ngayon nakikita ninyo na ang sinumang naglilingkod sa presensiya ng Diyos ay ginagawa ito dahil nasa kanila ang patnubay ng Diyos at gawa ng Banal na Espiritu, at dahil sila ang mga taong naghahanap ng katotohanan. Ang mga ito ang pinakamababang kondisyon para sa lahat ng nagsisilbi sa Diyos.

Hinango mula sa “Kailangang Ipatigil ang Pagsamba sa Relihiyon” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Yaong mga maaaring mamuno sa mga iglesia, tustusan ng buhay ang mga tao, at maging mga apostol sa mga tao ay kailangang magkaroon ng aktwal na karanasan; kailangang magkaroon sila ng tamang pagkaunawa tungkol sa mga espirituwal na bagay at ng tamang pagpapahalaga at karanasan sa katotohanan. Ang gayong mga tao lamang ang nararapat maging mga manggagawa o apostol na namumuno sa mga iglesia. Kung hindi, maaari lamang silang sumunod bilang pinakamababa at hindi maaaring mamuno, lalong hindi sila maaaring maging mga apostol na nagagawang tustusan ng buhay ang mga tao. Iyan ay dahil ang tungkulin ng mga apostol ay hindi upang magparoo’t parito o makipaglaban; iyan ay upang gawin ang gawain ng pagmiministeryo sa buhay at pamumuno sa iba sa pagbabago ng kanilang mga disposisyon. Yaong mga gumaganap sa tungkuling ito ay binigyan ng tagubiling bumalikat ng mabigat na responsibilidad, na hindi kakayaning gawin ng kahit sino. Ang uring ito ng gawain ay maaari lamang gawin ng mga yaon na may kahulugan ang buhay, ibig sabihin, yaong mga may karanasan sa katotohanan. Hindi ito maaaring gawin ng kahit sino na maaaring magbitiw, magparoo’t parito, o

handang gugulin ang kanilang sarili; ang mga taong walang karanasan sa katotohanan, na hindi pa natabasan o nahatulan, ay hindi nagagawa ang ganitong uri ng gawain. Ang mga taong walang karanasan, ang mga taong walang realidad, ay hindi nakikita nang malinaw ang realidad dahil sila mismo ay walang ganitong uri ng pagkatao. Kaya, ang ganitong uri ng tao ay hindi lamang hindi nagagawang mamuno, kundi, kung mananatiling wala sa kanila ang katotohanan sa loob ng mahabang panahon, magiging pakay sila ng pag-aalis.

Hinango mula sa “Gawain ng Diyos at Gawain ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang gawain ng isang karapat-dapat na manggagawa ay maaaring dalhin ang mga tao sa tamang daan at pagkalooban sila ng mas malaking pagpasok sa katotohanan. Ang kanyang gawain ay maaaring dalhin ang mga tao sa harap ng Diyos. Dagdag pa rito, ang gawaing kanyang ginagawa ay maaaring mag-iba-iba sa bawat indibiduwal at hindi nakatali sa mga tuntunin, na nagtutulot sa mga tao na magkaroon ng laya at kalayaan, at binibigyan sila ng kakayahan na unti-unting lumago sa buhay at magkaroon ng mas malalim na pagpasok sa katotohanan. Ang gawain ng isang manggagawang hindi karapat-dapat ay malayung-malayo. Ang kanyang gawain ay kalokohan. Maaari lamang niyang dalhin ang mga tao sa mga tuntunin, at ang hinihingi niya sa mga tao ay hindi nag-iiba-iba sa bawat indibiduwal; hindi siya gumagawa ayon sa aktuwal na mga pangangailangan ng mga tao. Sa ganitong uri ng gawain, napakaraming tuntunin at napakaraming doktrina, at hindi nito madadala ang mga tao sa realidad, ni sa normal na pagsasagawa ng paglago sa buhay. Maaari lamang nitong bigyang-kakayahan ang mga tao na sumunod sa ilang tuntunin na walang halaga. Ang gayong uri ng paggabay ay maaari lamang iligaw ng landas ang mga tao. Inaakay ka niya na maging katulad niya; madadala ka niya tungo sa kung ano ang mayroon siya at ano siya. Upang matalos ng mga alagad kung karapat-dapat ang mga pinuno, ang mahalaga ay tumingin sa landas na kanilang tinatahak at sa mga resulta ng

kanilang gawain, at tingnan kung ang mga alagad ay tumatanggap ng mga prinsipyo alinsunod sa katotohanan, at kung tumatanggap sila ng mga paraan ng pagsasagawa na angkop sa kanilang pagbabago.

Hinango mula sa “Gawain ng Diyos at Gawain ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Mga Prinsipyo ng Paghalal ng mga Lider at Diyakono ng Iglesia

Matapos maitatag ang isang iglesia ng mga baguhan, ang isang taon ng pamumuhay ng buhay-iglesia ay mangangahulugan na natural na magiging pamilyar ang mga taong hinirang ng Diyos sa isa’t isa, at maaari nang pasimulan ang taunang halalan para sa mga lider at diyakono ng iglesia. Ang mga prinsipyo sa mga halalang ito ay kailangang pagbahaginan bago idaos ang mga ito, at dapat ding pagbahaginan ang katotohanan ayon sa kaugnay na mga salita ng Diyos. Magiging tama at angkop lamang ang mga halalan kung nauunawaan muna ng karamihan sa mga tao ang mga prinsipyo sa likod ng mga ito. Ang paghalal ng mga lider at diyakono ng iglesia ay kailangang gawin ayon sa mga plano ng gawain sa tahanan ng Diyos. Hindi dapat sundin ng mga tao ang sarili nilang mga kapritso, o ihalal ang mga tao sa pag-asa sa mga hula-hula at imahinasyon. Ang mga bagay na ito ay kailangang pamahalaan sa maprinsipyong paraan, para mas maraming tao ang makaboto nang patas. Ang paghalal ng mga lider at diyakono sa mga iglesia ng mga baguhan ay hindi batay sa haba ng panahon na naniwala ang tao sa Diyos; basta’t naniniwala na ang isang tao sa Diyos sa loob ng mahigit anim na buwan, tunay na nananampalataya sa Diyos, makatao, nagmamahal sa katotohanan, at nadarama ang pasanin sa iglesia, maaari silang ihalal bilang isang lider o diyakono. Ang paghalal ng mga lider at diyakono ng iglesia batay sa mga prinsipyong ito ay tumitiyak na halos lahat ay makakapanindigan. Ang mga prinsipyo ng paghalal sa mga lider at diyakono ng iglesia ay itinakda ayon sa mga sumusunod:

1. Kailangan ay matitino sila, may mabuting konsiyensya, mabait, at

nagmamahal sa katotohanan;

2. Kailangan ay magawa nilang tanggapin ang katotohanan, magtuon sa pagninilay at pagkilala sa kanilang sarili, at makaya nilang tunay na magsisi;

3. Kailangan ay madama nila ang pasanin sa iglesia, magawa nilang mag-alok ng taimtim na pagtulong sa kanilang mga kapatid, may sapat na katapatan at paninindigan, at maging makatarungan.

Ang mga taong talagang tumutupad sa tatlong kundisyon sa itaas ay maaaring piliin bilang mga lider o diyakono. Bago sumapit ang mga halalan, dapat manalangin ang bawat tao sa Diyos at tanggapin ang Kanyang masusing pagsisiyasat. Dapat nilang garantiyahan na boboto sila sa halalan alinsunod sa mga kinakailangan ng Diyos, at magbigay ng garantiya sa Diyos na susundin nila ang katotohanan, tatalikuran ang laman, at boboto nang patas at walang kinikilingan batay sa mga katotohanan, at hindi batay sa sarili nilang mga damdamin o imahinasyon.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Ang pagpili ng mga pinuno sa lahat ng antas sa bahay ng Diyos ay batay, una sa lahat, sa tatlong pamantayan, ngunit hindi isang simpleng usapin ang pagtukoy kung natutugunan ng isang tao ang tatlong pamantayang ito. Tunay ngang hindi katiwa-tiwala ang umasa sa pansariling paghatol ng isang tao; ang mga katunayang bigay ng tatlo o apat na magkakaibang partido, na pamilyar sa mga bagay-bagay tungkol sa kandidato, ay anupa’t kinakailangan upang tiyakin na ang paghatol ay tumpak. Dahil dito, bago ang pagpili ng isang pinuno, dapat tayong magtamo ng pagkaunawa mula sa maraming partido, kumukuha ng katunayan at impormasyon na bigay ng mga taong nakakakilala sa kandidato at ng mga pinuno at kamanggagawa na nakatataas sa kandidato pati na rin ang mga mas mababa sa kandidato. Dapat na may malawakang pagsusuri ang mga hinirang na tao ng Diyos upang timbangin ang mga kapakinabangan at kapinsalaan; at panghuli, kung natukoy na natin na

tunay na natugunan ng taong ito ang tatlong pamantayan, maaari na silang ihalal kung gayon. Ito ang mga kinakailangang pamamaraan sa pagpili ng mga pinuno sa lahat ng antas, at ito ay ganap na patas, naaangkop, at makatuwirang proseso. Maaaring kasama ang mga sumusunod sa katunayang ibinigay ng apat na partidong iyon na nakakakilala sa kandidato:

1. Katunayang nagmula sa mga nasa iglesia na pinakamatagal nang nakakakilala sa taong ito at may pinakamalapit na kaugnayan sa taong ito (hindi bababa sa tatlo hanggang limang tao);

2. Katunayang ibinigay ng karamihan ng mga tao mula sa iglesia;

3. Katunayang ibinigay ng pamilya, mga kaibigan at kamag-anak ng taong ito;

4. Katunayang bigay ng mga kamanggagawa mula sa nakatataas at mas mababababang antas (hindi bababa sa tatlo hanggang limang tao).

Ito ang mga katunayang mula sa apat na aspekto na pinaka-kritikal para sa pag-unawa kung natugunan ba ng isang tao ang tatlong pamantayan. Ang katunayang mula sa isa o dalawang aspekto ay hindi sapat, kaya nga kailangan nating makakuha ng katunayan mula sa tatlo o apat na aspekto. Una sa lahat, dapat nating mapatunayan ang mga sumusunod na limang sitwasyon gamit ang katunayan:

1. Dapat nating mapatunayan na ang pagkatao ng taong ito ay lubhang tapat at marangal, na sila ay may pagkilala sa hustisya, at sila ay tiyak na hindi isang taong buktot at mapanlinlang, malaswa o masama;

2. Dapat nating mapatunayan na ang kanilang pagkaunawa ng katotohanan ay dalisay at na sila ay tiyak na hindi baliw at hindi nakakaunawa sa mga usaping espirituwal, o isang taong may napakababaw na pagkaunawa sa katotohanan;

3. Dapat nating mapatunayan na sila ay may kakayahan at tapat sa kanilang mga tungkulin, at na sila ay tiyak na hindi isang taong umiiwas sa mahirap na gawain at naguguluhan kapag ginagampanan ang kanilang mga tungkulin;

4. Dapat nating mapatunayan na mayroon silang tunay na

pagkaunawa sa Diyos, na mayroon silang tunay na pagsunod, at tiyak na hindi taong nagkikimkim ng mga haka-haka at pagtutol laban sa Cristo at sa taong ginamit ng Banal na Espiritu;

5. Dapat nating mapatunayan na sila ay mga tao na makagaganap ng gawain ayon sa mga pagsasaayos mula sa Itaas, at na sila ay tiyak na hindi mga taong umaasal ng paiba-iba at kumikilos ayon sa kanilang mga sariling ideya.

Ang mga tumpak na katunayan tungkol sa limang kondisyong ito ay dapat na makuha mula sa apat na partido na nakakakilala sa kandidato. Kung ang mga usapin sa limang aspektong ito ay hindi mapapatunayan, ang tatlong pamantayan ay hindi nga natugunan kung gayon. Ang lahat ng limang konsiderasyong ito ay dapat na mapatunayan bago ang pagpapasya na natugunan na ng isang tao ang tatlong pamantayan, at saka lamang sila maaaring piliin. Tanging sa pamamagitan lamang ng pagpili ng mga tao batay sa impormasyong bigay ng apat na partidong iyon na nakakakilala sa mga kandidato maaaring matiyak ang katumpakan. Kung may sinumang pumipili ng mga pinuno nang hindi kumuhuha ng katunayan mula sa mga nakakakilala sa kanila sa apat na partido, ang taong ito ay maaaring isang taong iresponsable sa mga hinirang na tao ng Diyos, at maaaring sila ay taong matigas ang ulo at mapagmataas at palalo. Dapat na kilatising muli ang lahat ng mga napili na batay sa pansariling mga palagay, nang hindi kumukuha ng katunayan mula sa mga nakakakilala sa kanila sa apat na partido (maliban sa mga taong kilalang-kilala na). Ito ang panuntunan ng bahay ng Diyos. Dapat itong sundin ng lahat; hindi ito dapat suwayin! Sinuman ang lumabag sa panuntunan ng bahay ng Diyos at pumipili ng mga pinuno batay sa kanilang mga pansariling pagpapasya ay naghihimagsik at tumututol sa Diyos, at sila ay anticristo.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Ang paghahalal ng mga pinuno at mga manggagawa ay lubos na

napakahalaga sa iglesia. Ang mga pinuno at mga manggagawa ay dapat na magtaglay ng ilang katotohanang realidad man lang, at dapat mayroon din silang pagkaunawa sa mga tao at kayang makatuklas ng talento at nalilinang ang mga taong naghahanap sa katotohanan. Kung hindi masabi ng isang pinuno o manggagawa kung ang isang tao ay nagtataglay ng katotohanang realidad, o kung ang tao ay may mataas o mababang kakayahan, at binibigyang-pansin lamang kung ano ang mga kaloob na mayroon ang taong iyon, may kakulangan sila sa pag-unawa kung gayon at hindi nagtataglay ng espirituwal na pagkaunawa. Ang taong ito ay walang dudang hindi angkop na maging pinuno o manggagawa. Kung may sinuman ang naghahalal ng mga pinuno at mga manggagawa na walang pang-unawa, sila mismo ay mga bulag kung gayon at bulag na nagpapasimula ng malaking kaguluhan. Hindi nila nalalaman paano makikita kung ang isang tao ay may espirituwal na pagkaunawa o kung ang kakayahan ng tao ay mabuti o masama. Ang mga mismong taong iyon ay walang kakayahan o anupaman. Kinakailangan bang maunawaan ang katotohanan upang makilala kung ang isang tao ay mabuti o masama? Maaaring ipagpalagay na ito ay hindi kinakailangan, sapagkat kung ano ang tumutukoy sa mabuti o masamang tao ay maaring mapagpasyahan sa pamamagitan ng konsiyensiya ng tao. Ang mga taong kumikilos ayon sa kanilang konsiyensiya ay walang duda na mabubuting mga tao, at wala silang kakayahang gumawa ng labis na kasamaan. Kahit na mayroon silang pagkapoot sa ibang tao, hindi nila magagawa ang saktan sila. Masasama ang mga taong kumikilos ng taliwas sa kanilang konsiyensiya at nagkikimkim ng mga mapanlinlang at tusong hangarin. Kaya nga, makikilala ng tao kung mabuti o masama ang isang tao sa pamamagitan ng pagtitiwala sa kanilang konsiyensiya. Subalit, upang maunawaan kung ang isang tao ay nagtataglay ng katotohanang realidad o hindi, at kung iniibig nila ang katotohanan o hindi, kailangan nating magkaroon ng kahit maliit lang na pagkaunawa ng katotohanan. Halimbawa, paano ba natin dapat tinitingnan kung ang isang tao ay may mga prinsipyo o wala sa pangangasiwa ng kanilang mga gawain? Paano natin matutukoy kung ang

isang tao ay nagtataglay ng katotohanang realidad? Ang isang tao ba na nangangaral ng mga kasulatan at mga doktrina ay nagtataglay ng katotohanang realidad? Kadalasang hindi nakikilala ng mga tao ang mga bagay na ito. Dapat nilang maunawaan nang kahit kaunti man lamang ang katotohanan, sapagkat kung hindi, hindi nila makikilala kung ang mga tao ay nagtataglay ng katotohanang realidad o hindi. Upang makilala ang diwa ng isang tao, at makita ng malinaw kung sino ang taong ito, kinakailangang maunawaan ng tao ang katotohanan. Kung hindi man lang kayang kilalanin ng mga pinuno at mga manggagawa kung ang isang tao ay may mabuti o masamang kakayahan, at kung nagtataglay sila ng katotohanang realidad o hindi, ito ay nagpapatunay lamang na ang mga mismong pinuno at mga manggagawang iyon ay hindi nagtataglay ng katotohanang realidad.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

Ang mga pagpapasyang bumoto para sa mga pinuno ng iglesia at mga manggagawa ay dapat na maging batay sa kung ang kanilang isinulat na mga sagot sa mga tanong sa pagsusulit sa katotohanan ay naglalaman ng anumang mga totoong karanasan at kaalaman. Ang mga sagot ng isang tao sa mga tanong sa pagsusulit sa katotohanan ay lubhang magbubunyag kung ang tao ay nagtataglay ng anumang katotohanang realidad. Sa panahon ng paghahalal, dapat na basahin ng lahat ng mga kandidato ang kanilang mga isinulat na sagot sa mga tanong sa pagsusulit upang marinig ng mga hinirang na tao ng Diyos, pagkatapos, sila ay boboto batay sa kung paano karaniwang gumagawa ang mga kandidato pati na rin sa kanilang mga sagot sa pagsusulit. Dapat na maintindihan ng mga hinirang na tao ng Diyos na ang mga prinsipyo ng bahay ng Diyos sa paghahalal ng mga pinuno at manggagawa sa iglesia ay: 1. Kailangan ay matitino sila, may mabuting konsiyensya, mabait, at nagmamahal sa katotohanan; 2. Kailangan ay magawa nilang tanggapin ang katotohanan, magtuon sa pagninilay at pagkilala sa kanilang sarili, at makaya nilang tunay na magsisi; 3. Kailangan ay madama nila ang pasanin sa iglesia, magawa nilang mag-alok ng taimtim na pagtulong sa kanilang mga kapatid, may

sapat na katapatan at paninindigan, at maging makatarungan. Ito ang tatlong prinsipyo para sa paghahalal ng mga pinuno at mga manggagawa ng iglesia. Kung kahit isa man lang sa mga prinsipyong ito ay hindi natugunan, hindi dapat piliin ng mga hinirang na tao ng Diyos ang kandidatong iyon upang maglingkod bilang isang pinuno o manggagawa. Tanging ang mga may higit na kaangkupan lamang na tumupad sa lahat ng tatlong prinsiyo at mas mabuti ng kaunti kaysa karamihan ng mga tao ang maaaring maihalal. Pananagutin ng bahay ng Diyos ang mga pinuno ng alinmang iglesia na lalabag sa mga prinsipyong ito ng paghahalal. Ang paghahalal ng isang masama at mapanlinlang na tao bilang pinuno o manggagawa ng isang iglesia ay isang napakalalang suliranin na gumagambala at umaabala sa gawain ng bahay ng Diyos. Dapat na isiwalat, isumbong, at harapin kaagad ng mga hinirang na tao ng Diyos ang gayong pangyayari. Dapat na mahigpit na pangasiwaan ng mga pinuno at mga manggagawa ng iglesia saanman ang mga halalan sa iglesia at tiyaking hindi dapat mamanipula ang proseso ng mga masasamang tao.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Ang pagpili ng mga pinuno at mga manggagawa ay dapat na nakabatay sa kung kaya ba nila o hindi ang paglutas ng mga praktikal na suliranin. Ang mga nakalulutas ng mga praktikal na suliranin ay dapat na mapili bilang mga pinuno at mga manggagawa. Ang mga taong nakalulutas ng mga praktikal na suliranin sa regular na pagsasalamuhaan ay dapat na piliin bilang mga pinuno at mga manggagawa. Ang taong nakalulutas ng pinakamaraming suliranin ay dapat na maging pangunahing pinuno o manggagawa, habang ang mga nakalulutas ng mas kaunting mga suliranin ay maaaring piliin upang maging mga ordinaryong pinuno o mga manggagawa. Ang mga pinuno at mga manggagawa ay dapat na piliin ayon sa ganitong pamantayan. Mayroon bang anumang takdang edad para sa paglutas ng mga praktikal na suliranin? Kahit ang isang tao ay nakatatanda ng kapatid na nasa animnapu o pitumpung taon na, o mas

nakababatang kapatid na nasa dalawampung taon, hangga't nakapagbabahagi sila sa katotohanan at nakalulutas ng ilang praktikal na suliranin, maaari silang mahirang bilang isang pinuno. Walang mga limitasyon sa edad, kaya't huwag subukang magtakda ng mga patakaran. Hangga't ang isang tao ay nakalulutas ng mga praktikal na suliranin, maaari silang hirangin nang walang pagsasaalang-alang sa lalim ng kanilang karanasan. Ang ilang taong nananampalataya sa Diyos sa loob ng maraming taon at tila marami ng karanasan, ngunit kung hindi sila nakalulutas ng anumang mga problema, hindi sila karapat-dapat na maging isang pinuno kung gayon. Anong uri ng tao ang karapat-dapat na maging isang pinuno? Sila na kayang lutasin ang mga praktikal na suliranin at mga paghihirap ng mga hinirang na tao ng Diyos. Kaya nilang gamitin ang katotohanan upang lutasin ang mga suliranin ukol sa kung paano maaaring pumasok sa buhay ang mga hinirang ng Diyos, mga suliranin kapag humaharap ng mga pagsubok ang mga tao o tinatabasan at nakikipagharap at nahihirapang magpasakop, mga suliraning tungkol sa mga taong hindi nakauunawa kapag nagbabasa ng mga salita ng Diyos, pati na rin ang mga suliraning ukol sa kung paano harapin ang pisikal na buhay at mga kaugnayan ng laman. Ang gayong mga tao ay angkop na maging mga pinuno. Kung ang isang tao ay nakakapangaral lang ng mga kasulatan at mga doktrina, at hindi kayang lutasin ang anumang mga praktikal na suliranin, ang taong ito ay isang relihiyosong impostor kung gayon, at lubos na walang katotohanang realidad. Ngayon, malinaw na ba sa inyo kung ano ang ibig sabihin ng pagkakaroon ng katotohanang realidad? Ibig sabihin nito ay ang kakayahang lutasin lahat ng uri ng mga praktikal na suliranin para sa mga hinirang ng Diyos. Ito ay upang magkaroon ng katotohanang realidad, na nagpapatunay na ang isang tao ay may karanasan, at na sila ay may kakayahan sa pag-unawa at kakayahan sa pagganap ng gawain. Sa maikling salita, mayroon silang kalakasan. Kung ang isang tao ay hindi nakalulutas ng mga suliranin ng mga hinirang ng Diyos, una, hindi nila tinataglay ang katotohanang realidad; ikalawa, sila ay walang kakayahan sa pagganap ng gawain; at

ikatlo, sila ay walang kakayahan sa pag-unawa. Sila ay ganap na walang kalakasan, at ang gayong mga tao ay tiyak na hindi dapat piliing maging mga pinuno o mga manggagawa. Kung sila ay nahalal, dapat silang tanggalin kung gayon!

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Ngayon, pagkatapos ng paulit-ulit na pagkakapalit, at ng pagkakatabas at pakikipagharap, maraming mga tao sa bahay ng Diyos ay nagising na sa wakas. Napagtanto na nila na wala silang katotohanang realidad, na sila ay masyado ng naging tiwali at naging hindi masunurin, at nagsimula na silang magsisi. Kung mayroon silang totoong pagkaunawa sa kanilang sarili at tunay na magsisi, lalo na pagkatapos na palitan at ihalal na muli ng ilang beses, ang mga gayong tao ay nakapagpakita na ng ilang totoong pagbabago at dapat na itaas ang posisyon. Bakit dapat na itaas ang kanilang posisyon? Sapagkat ang bilang ng mga tao na nakagaganap ng mga praktikal na gawain ay kakaunti. Ang mga nilalang na tao ay masyadong tiwali, at walang kakayahang magbago ng walang paghatol at pagkastigo. Walang tao ang maaaring maging angkop para gamitin ng Diyos nang hindi sumasailalim sa mga pagsubok at pagpipino, at ng pagkakatabas at pakikipagharap. Lahat ng mga tao na nagawang tiwali ni Satanas ay mayroong makasatanas na disposisyon at makasatanas na kalikasan. Kung kaya, ang pagdaranas ng paghatol at pagkastigo ng Diyos, at pagdaranas ng pagtatabas at pakikipagharap, ay ang maranasan ang gawa ng Diyos. Kung naranasan na ng isang tao ang mapalitan ng maraming beses, nakaranas na ng mga pagkabigo at natumba na, at nakakatayo pa rin at tunay na nagsisisi, ito ang epekto ng paghatol at pagkastigo ng Diyos kung gayon. May sinuman bang mas hindi tiwali, at pagkatapos ng pakikinig sa paghatol at pagkastigo ng salita ng Diyos at pagkakilala ng kanilang sariling katiwalian, at normal na pakikipagkita araw-araw, ay hindi namamalayang nakararanas ng pakyawang pagbabago sa kanilang disposisyon? Mayroon bang ganoong tao? Wala,

walang ganoon. Ang bawat tao ay dapat na dumaan sa paghatol at pagkastigo, pagtatabas at pakikipagharap, at mga pagsubok at pagpipino, at dapat silang dumaan sa mga pagsubok at pagpipino ng daan-daang beses bago sila maaaring maging perpekto. Ano ang ibig sabihin nito? Ang mga nilalang na tao ay labis nang naging tiwali na hindi na nila kayang kamtan ang pagbabago sa pamamagitan lamang ng ilang beses na pagtatabas at pakikipagharap. Kaya, kung mas marami ang paghatol at pagkastigo, at pagtatabas at pakikipagharap ang pinagdadaanan ng tiwaling sangkatauhan, ito ay mas mabuti para sa kanila—ito ang malalim na pag-ibig ng Diyos. Ang ilang tao, maging pagkatapos ng ilang beses na pagkabigo at pagkatumba o pagkakataas o pagkakababa ng posisyon, ay nakakayanan pa ring tumayo upang gampanan ang kanilang mga tungkulin. Ito ay nagpapakita na sila ay nasa tama at mga tao na naghahanap sa katotohanan. Kung hindi sila mga taong naghahanap sa katotohanan, sila ay maaaring nailantad na at napatalsik pagkatapos ng unang beses na pinalitan sila. Silang mga patuloy na naghahanap sa katotohanan at patuloy na gumaganap ng kanilang mga tungkulin sa kabila ng paulit-ulit na pagkabigo at pagbagsak ay mga taong may pananampalataya sa Diyos. Paano man ang pagtrato Niya sa kanila, Siya ay hindi nila kailanman iiwan. Pagkatapos na mapalitan at malantad ng ilang beses, napagninilayan pa rin nila ang kanilang sarili at sinusubukang makilala ang kanilang mga sarili, tunay na nagsisisi, at tumatayong muli. Ginagamit man sila ng Diyos o hindi, sumusunod pa rin sila sa Kanya at gumaganap ng mga tungkulin upang gantihan ang Kanyang pag-ibig. Tanging mga mga taong katulad nito ang tunay na umiibig sa katotohanan at umiibig sa Diyos. Kapag inihahambing ang ganitong tao na nagpakita ng pagsisisi, at siyang may katotohanang realidad, sa isang tao na hindi nakaranas ng mga pagkabigo o pagbagsak, alin ang higit na angkop na maging pinuno o manggagawa? Ang tao na matatag pa ring nakakatayo pagkatapos ng paulit-ulit na pagkapalit ay may tunay na patotoo, samantalang ang tao na hindi kailanman nakaranas ng pagtatabas at pakikipagharap, at siyang hindi kailanman nabigo at natumba ay walang

tunay na patotoo ng karanasan. Kung sila ay talagang pinalitan, at sila ay nabibigo at natutumba, mahirap sabihin kung sila ay balintiyak at mahina, o talagang hindi kayang tumayong muli. Hindi nalalaman kung ang ilang tao ay makakayanang magpatuloy sa pagsunod sa Diyos. Kumikilos ng mas mahusay at mas masigla ang ibang tao kapag dinidisiplina; sa iba, kapag nagsasalita ka nang mahinahon sa kanila, natutumba pa rin sila kung minsan, umiiyak, at hindi nakakayang tumayo. Alin sa dalawang uri ng taong ito ang nagiging mas malakas? Ang tao na nadidisiplina, tama? Kaya nga, sa pagpili ng mga pinuno at mga manggagawa, dapat mong makilala na ang mga tao na dinidisiplina ay lumalakas, habang sila ay patuloy na nakararanas ng pagtatabas at pakikipagharap. Pagkatapos ng pagdaraan sa prosesong ito, maaari silang maging masunurin at maaaring tunay na magsisi. Ang mga gayong tao ay garantisadong magkakaroon ng pag-ulad, at kapag hinirang na maging mga pinuno at mga manggagawa, sila mapagkakatiwalaan at maaasahan. Huwag pipili ng isang tao na pinakitunguhan sa mahinahong paraan lamang. Masyado silang marupok, at hindi sumailalim sa anumang mga pagsubok o pagkastigo. Wala silang katayugan, hinubaran ng pagkatao dahil sa kanilang kabastusan, at para silang mga bata, walang muwang at hindi maaasahan.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Dapat tayong magbigay ng pansin sa mga sumusunod kapag naghahalal ng mga pinuno at mga tagapaglingkod:

1. Huwag kailanman maghahalal ng mga tao na sinasaniban ng mga demonyo o madalas na ginagalawan ng mga masasamang espiritu.

2. Huwag kailanman maghahalal ng mga anticristo na mapagmataas at palalo, hindi nakikinig kanino man, hindi makatuwiran, nangangahas na hatulan ang gawain ng Diyos, at ipinagkakalat ang kanilang kuro-kuro at mga kamalian.

3. Huwag kailanman maghahalal ng mga “tagasang-ayon” na nais na nagsasalita at kumikilos ayon sa damdamin, hindi sumusunod sa mga

prinsipyo, at hindi itinataguyod ang mga kapakanan ng bahay ng Diyos.

4. Huwag kailanman maghahalal ng mga taong gustung- gustong magsalita tungkol sa mga kasulatan at mga doktrina, hindi isinasagawa ang katotohanan, at nagtitiis ng mga pasanin at hindi umaako ng responsibilidad kapag ginaganap ang kanilang mga tungkulin.

5. Huwag kailanman maghahalal ng mga taong may masamang pagkatao, silang nais na gumawa ng mga pagkakapangkat-pangkat, nagpapasimula ng pakikipag-alitan, buktot at mapanlinlang, o may mga malisyosong disposisyon.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

64. Ang Mga Prinsipyo ng Pagpapatalsik sa Puwesto ng Mga Lider at Manggagawa

(1) Ang mga lider at manggagawa na hindi gumagawa ng praktikal na gawain, pagkaraang makumpirma ito ng ilang mga tao na nakauunawa sa katotohanan, ay maaaring batikusin, patalsikin, at palitan;

(2) Ang mga lider at manggagawa na hindi na tumutupad at lubhang nilalabag ang mga pagkakaayos ng gawain, sa sandaling tumpak na mapatunayang ginawa nga nila, ay dapat batikusin, patalsikin, at palitan;

(3) Ang isang lider o manggagawa na gumagawa ng paglabag o nagpapakita ng katiwalian ay dapat maipagmalasakit na tulungan. Kung tumatanggi silang tanggapin ang katotohanan, maaari silang mabatikos, mapatalsik, at mapalitan;

(4) Kung sakaling ang isang lider o manggagawa ay gumagawa ng iba’t ibang gawang masasama at pinahihirapan ang iba, sinisilo at pinagbibintangan ang iba, dapat silang patalsikin at batikusin, at dapat pagtibayin ang kanilang pagkakatanggal.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Paano dapat tratuhin ng mga pinili ng Diyos ang mga anticristo? Kailangan nilang kilalanin ang mga ito, ilantad sila, iulat sila, at ipatapon

palabas. Sa paano mang paraan nakamit ng isang anticristo ang posisyon ng pamumuno, walang dudang isa siyang lumalaban sa Diyos. Hindi mo dapat tanggapin ang pamumuno ng isang anticristo, at hindi mo rin dapat na tanggapin siya bilang iyong pinuno, dahil ang ginagawa niya ay hindi ang pangunahan ka patungo sa mga salita ng Diyos; nais niyang hilahin ka pababa sa impiyerno at dalhin ka sa katulad na landas ng mga anticristo na kanyang nilalakaran. Pinapasanib ka niya sa kanyang paglaban sa Diyos at sa paggambala at pagsira sa gawain ng Diyos. Hinihila ka niya at itinutulak upang malugmok kang kasama niya sa putik. Papayagan mo ba ito? Kung papayag ka, at kung makikipagkompromiso ka sa kanya, hihingi ng awa sa kanya, o magpapagapi sa kanya, kung gayon hindi ka nagpatotoo, at ikaw'y isang taong pinagtataksilan kapwa ang katotohanan at ang Diyos—at hindi maliligtas ang mga gayong tao. Ano ang mga kondisyong kailangang maabot ng isang tao upang makatanggap ng kaligtasan? Una sa lahat, kailangang taglay nila ang kakayahang kilalanin ang mga mala-satanas na mga anticristo; kailangang taglayin nila ang aspetong ito ng katotohanan. Sa pamamagitan lamang ng pagkakaroon ng aspetong ito ng katotohanan sila tunay na makakasampalataya sa Diyos at makakaiwas sa pagsamba o pagsunod sa tao; tanging mga tao na makakakilala sa mga anticristo ang may kakayanang manampalataya nang totoo sa Diyos at sumunod at magpatotoo sa Kanya. Upang makilala ang mga anticristo, kailangang matuto muna ang mga tao na makita ang mga tao at mga bagay nang may ganap na kalinawan at pag-unawa; kailangan nilang makita ang diwa ng mga anticristo, at kailangan nilang matarok ang lahat ng kanilang mga sabwatan, panlilinlang, panloob na motibasyon, at mga layunin. Kung magagawa mo ito, makapaninindigan ka nang matibay. Kung nais mong makamit ang kaligtasan, ang unang pagsubok na kailangan mong malagpasan ay ang matutunan kung paano gapiin si Satanas at kung paano managumpay at magwagi sa mga masasamang kapangyarihan at paggambala mula sa sanlibutan. Kapag taglay mo na ang katayuan at sapat na katotohanan upang manatili hanggang sa wakas sa pakikipaglaban sa mga pwersa ni Satanas, at nagapi sila, sa

pagkakataong iyon—at doon lamang—matibay na mapagsisikapan mong maatim ang katotohanan, at doon lamang maaari kang humakbang nang matatag at walang sakuna sa landas ng pagsusumikap para sa katotohanan at pagtamo ng kaligtasan. Kung hindi mo malalagpasan ang pagsubok na ito, kung gayon maaaring masabing nasa malaking panganib ka, at maaari kang mahuli ng isang anticristo at madala upang mamuhay sa ilalim ng impluwensya ni Satanas.

Hinango mula sa "Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (1)" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ano ang saloobing dapat taglayin ng mga tao pagdating sa kung paano tratuhin ang isang pinuno o manggagawa? Kung tama ang ginagawa niya, maaari mo siyang sundin; kung mali ang ginagawa niya, maaari mo siyang ibunyag, at labanan pa siya at magbigay ng ibang opinyon. Kung hindi siya nakakagawa ng praktikal na gawain, at nabunyag na isang huwad na lider, isang huwad na manggagawa o isang anticristo, maaari kang tumangging tanggapin ang kanyang pamumuno, at maaari mo rin siyang isumbong at ibunyag. Gayunman, hindi nauunawaan ng ilang taong hinirang ng Diyos ang katotohanan at lalo nang napakaduwag, kaya nga hindi sila nangangahas na gumawa ng anuman. Sinasabi nila, "Kung patatalsikin ako ng lider, tapos na ako; kung hihikayatin niyang ibunyag o pabayaan ako ng lahat, hindi ko na magagawang maniwala sa Diyos. Kung lilisanin ko ang iglesia, hindi ako gugustuhin at hindi ako ililigtas ng Diyos. Ang iglesia ay kumakatawan sa Diyos!" Hindi ba naaapektuhan ng mga paraang ito ng pag-iisip ang saloobin ng gayong tao tungo sa mga bagay na iyon? Totoo nga kaya na kung itiwalag ka ng lider, hindi ka na maliligtas? Nakasalalay ba ang iyong kaligtasan sa saloobin ng iyong lider tungo sa iyo? Bakit napakaraming tao ang may gayon kalaking takot? Kung, sa sandaling bantaan ka ng isang huwad na lider o isang anticristo, hindi ka mangangahas na isumbong ito sa nakatataas at gagarantiyahan mo pa na mula sa oras na iyon, magkakaisa kayo ng isipan ng lider, hindi ba tapos ka na? Ito ba ang uri ng taong naghahanap sa katotohanan?

Hindi ka lamang hindi nangangahas na ilantad ang gayon kasamang pagkilos na maaaring gawin ng napakasasamang anticristo, bagkus, sinusunod mo sila at itinuturing pang katotohanan ang kanilang mga salita, kung saan ikaw ay nagpapasakop. Hindi ba ito ang halimbawa ng kabobohan? Pagkatapos, kapag ikaw'y sinaktan, hindi ba karapat-dapat iyon sa iyo? Ang Diyos ba ang sanhi na ikaw'y masaktan? Hiniling mo ito sa iyong sarili. Tinanggap mo ang isang anticristo upang maging pinuno mo, at itinuring siya na parang kapatid—kasalanan mo ito. Ano ang saloobin na dapat gamitin sa pagtrato sa isang anticristo? Dapat ay ilantad siya at makipagpunyagi laban sa kanya. Kung hindi mo ito magagawa nang mag-isa, dapat na magsama ang maraming tao at iulat siya. Sa pagkatuklas na ang ilang pinuno at manggagawa na mas mataas ang posisyon ay lumalakad sa landas ng anticristo, na pinagdurusa ang mga kapatid, hindi gumaganap sa tunay na gawain, at pinag-iimbutan ang biyaya ng katayuan, pumirma ang ilang tao sa petisyon na tanggalin ang mga anticristong iyon. Magaling ang ginawa ng mga taong iyon! Ipinapakita nito na nauunawaan ng mga tao ang katotohanan, na nagtataglay sila ng tiyak na matayog, at sila'y hindi kinukontrol ni nalinlang ni Satanas. Pinapatunayan din nito na ang mga anticristo at mga huwad na pinuno ay hindi nagtataglay ng dominanteng posisyon sa iglesia, at hindi sila nangahas na magpakita ng kanilang tunay na pagkatao nang labis na hayagan sa anumang sinasabi o ginagawa nila. Kung ipahahayag man nila ang kanilang sarili, may mga taong magmamatyag sa kanila, kikilala sa kanila, at ipatatapon sila sa labas. Ibig sabihin, sa mga puso ng mga taong may tunay na pagkaunawa sa katotohanan, ang katayuan, karangalan, at awtoridad ng isang tao ay hindi siyang nagtataglay ng malaking kapangyarihan. Ang lahat ng nakakaunawa sa katotohanan ay may pagkilala sa mabuti't masama, at pinag-iisipan at pinagbubulay-bulayan nila ang landas na dapat sundin ng mga tao sa kanilang pananampalataya sa Diyos, gayundin sa kung paano nila dapat tratuhin ang mga pinuno at mga manggagawa. Nagsisimula rin silang mag-isip kung sino ang dapat sundin ng mga tao, aling mga pagkilos ang bumubuo sa pagsunod sa tao,

at aling mga pagkilos ang bumubuo sa pagsunod sa Diyos. Matapos pagbulay-bulayan ang mga katotohanang ito nang ilang taon, at madalas na makinig sa mga sermon, nauunawaan na nila ang mga katotohanan tungkol sa pananampalataya sa Diyos nang hindi pinag-iisipan, kaya't nakamtan nila ang sukat ng katayuan. Lumunsad na sila sa tamang landas ng paniniwala sa Diyos.

Hinango mula sa "Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (1)" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Ang pinakamakatarungan at makatuwirang paraan upang siyasatin kung ang mga pinuno at mga manggagawa sa lahat ng antas ay may katotohanang realidad ay una sa lahat, dapat na batay sa kung sila ay tinanggap at sinang-ayunan ng karamihan ng mga hinirang na tao ng Diyos. Ang isang pinuno o manggagawa na hindi tumanggap ng suporta at pagsang-ayon ng mga hinirang ng Diyos ay tiyak na walang katotohanang realidad. Kung ang isang pinuno o manggagawa ay pinaratangan at kinamuhian ng maraming tao na kabilang sa mga hinirang ng Diyos, sapat na ito upang patunayan na ang taong ito ay isang huwad na pinuno, isang anticristo at isang diyablo. Kapag nakakaharap ang gayong huwad na mga pinuno, mga anticristo at mga diyablo, maaaring magkaisa ang mga hinirang ng Diyos sa pagtuligsa, pagtanggal at pagpapalayas sa tao. Ang pagsasagawa ng ganoong mga pagkilos ay kinakailangan upang pangalagaan ang mga hinirang ng Diyos at pigilan si Satanas mula sa paggambala at pag-abala sa gawain ng Diyos. Ito ay ganap na alinsunod sa katotohanang prinsipyo at kalooban ng Diyos para sa mga hinirang ng Diyos upang maisagawa ang pangangasiwa ng mga pinuno at mga manggagawa sa lahat ng antas, sapagkat kahit na gumagawa ang Diyos upang iligtas ang mga tao, ang mga pinuno at mga manggagawa sa lahat ng antas ay hindi pa lubusang sumailalim sa pagbabago sa kanilang mga buhay-disposisyon. Hindi maiiwasan na ihahayag ng ilang mga tao ang kanilang totoong mga kulay kapag nakakaharap ang katayuan,

kapangyarihan, salapi at reputasyon. Ang mga pinatalsik na huwad na pinuno at mga huwad na manggagawa ang maaaring magpatunay dito. Sa loob ng nakalipas na ilang taon, marami-rami ng mga hinirang ng Diyos ang nailigaw, nakontrol, at napinsala ng mga huwad na pinuno at mga anticristo, at nagdusa nang husto. Labis silang nagdusa sa kanilang mga kamay, at nakita na ngayon na ang mga hindi nagtataglay ng katotohanang realidad ay hindi maasahan at hindi karapat-dapat ng pagtitiwala. Kaya, lubos na kinakailangang isagawa ang pangangasiwa ng mga pinuno at mga manggagawa sa lahat ng antas. Kung natuklasan ng mga hinirang ng Diyos na ang mga pinuno at mga manggagawa ay gumawa ng masama, maaari nila silang isuplong anumang oras. Kapag sila ay kinilala bilang mga huwad na pinuno at manggagawa, maaari silang himukin ng mga hinirang ng Diyos na tanggapin ang paratang at magbitiw sa tungkulin. Kung ang huli ay tumangging gawin iyon, inihayag na nila ang kanilang mga sarili bilang mga anticristo, at dapat na magsanib-puwersa ang mga hinirang ng Diyos upang paalisin at ipagbawal sila. Ito ay ganap na alinsunod sa kalooban ng Diyos.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Ang Kaukulang Proseso ng Pagsusuplong sa mga Huwad na Pinuno at mga Huwad na Manggagawa

May tatlong mga prinsipyo para sa pagkilala at pagtukoy ng mga huwad na pinuno at huwad na mga manggagawa: 1. Tiyak na tiyak dapat na wala ang gawain ng Banal na Espiritu; 2. Mayroon silang masamang pagkatao at kabantugan; 3. Pinapabayaan ang kanilang tungkulin, hindi gumaganap ng mga praktikal na gawain at gumagawa ng labis na kasamaan.

Ito ang pinakatumpak na paraan upang makilala at matukoy ang mga huwad na pinuno at mga huwad na manggagawa ayon sa tatlong prinsipyo sa itaas. Dapat na may maliwanag na pagkaunawa ang mga hinirang na tao ng Diyos sa katotohanan na walang sinuman ang perpekto, at na ang

mga pinuno at mga manggagawa sa pangkalahatan ay nakagagawa ng mga paglabag at nagpapakita ng katiwalian; subalit, hindi naman talaga ito nangangahulugan na sila ay mga huwad na pinuno o mga huwad na manggagawa. Ang paggawa ng mga paglabag at paggawa ng masama ay may pangunahing pagkakaiba. Ang paglabag ay ay paggawa ng isang bagay na mali, pagtahak sa maling daan, o pagpili ng maling tao sa ilalim ng malabong paghatol, samantalang ang kasamaan ay kusa at sinasadyang paggawa ng masasamang bagay sa hindi mapigilang paraan. Normal para sa isang tao ang makagawa ng paglabag, ngunit kung ang isang tao ay kayang gumawa ng lahat ng uri ng masasamang gawain, ang taong iyon ay tiyak na masama kung gayon. Kung ang sinumang pinuno o manggagawa ay napatunayang kumikilos sa alinman sa tatlong paraang ito, sila ay nakatalagang maging huwad na pinuno o huwad na manggagawa.

Ang kaukulang proseso para sa pagsusuplong sa isang huwad na pinuno o huwad na manggagawa ay ang mga sumusunod: Kapag mayroong sapat na mga saksi at katunayan kapag inisa-isa ang mga katotohanan ayon sa tatlong prinsipyo na may pagpapatunay at suporta ng maraming tao na mas nakauunawa sa katotohanan, ang nasabing pinuno o manggagawa ay maaaring isuplong sa mas nakatataas na mga pinuno. Ang pagsusuplong sa isang miyembro ng pandistritong pangkat ng pagpapasya ay maaaring isumite sa panrehiyon na pangkat ng pagpapasya. Ang pagsusuplong sa isang miyembro ng panrehiyon na pangkat ng pagpapasya ay maaaring isumite sa pastoral na pangkat ng pagpapasya. Kung ang mga pinuno at mga manggagawa sa lahat ng antas ay iresponsable at mabagal ang mga pagkilos, maaari itong direktang isumite sa taong ginagamit ng Banal na Espiritu. Ito ang tamang pamamaraan para sa pagsusuplong ng isang huwad na pinuno o huwad na manggagawa na dapat sundin ng mga pinuno at mga manggagawa sa lahat ng antas at ng mga hinirang na tao ng Diyos. Kung ang suliranin ay lubhang malala at ang isang tao ay malinaw na nalantad bilang isang huwad na pinuno o huwad na manggagawa na nakagawa ng labis na

kasamaan at nag-udyok ng pampublikong galit, may karapatan ang mga hinirang na tao ng Diyos na direkta silang tanggalin. Kung ang isang pinuno o isang manggagawa sa anumang antas ay nagtatangkang ipagtanggol ang taong ito, sila rin ay maaaring direktang tanggalin. Gayunpaman, dapat itong magawa ng may sapat na makatotohanang basehan, kapani-paniwala at malinaw na mga katunayan na makikilala ng karamihan upang maipatupad. Kung hindi sapat ang mga materyal na katunayan, hindi kapani-paniwala sa mga tao, pinalabnaw ng ibang mga elemento o hinaluan ng mga kathang-isip, ang nagsusuplong na partido ay kaduda-duda kung gayon. Maaari na ang pinuno o manggagawa ay malisyosong pinagbibintangan ng ng mga masasamang tao. Ang mga hinirang na tao ng Diyos ay dapat na nakakakilala nang hindi nalilinlang at napagsasamantalahan ng mga masasamang tao. Hindi dapat nila akusahan ng mali ang isang mabuting tao ni pakawalan ang isang masamang tao. Dapat silang sumunod sa katotohanang prinsipyo upang makiisa sa kalooban ng Diyos.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Kung ang mga inihalal na pinuno at mga manggagawa mula sa lahat ng antas ay lubos na nagpapasakop sa mga gawang pagsasaayos mula sa Itaas, at kung nakagaganap sila ng gawain ayon sa salita ng Diyos ang katotohanan at ang kanilang gawain ay nagkamit ng ilang resulta, ang mga hinirang na tao ng Diyos ay dapat na sumang-ayon at sumunod kung gayon. Kung ang mga manggagawa at mga pinuno ay sumuway sa mga gawang pagsasaayos at gawin kung hindi man, ang lumabag sa katotohanang prinsipyo kapag isinasakatuparan ang mga gawain, at hindi nakikinig sa payo at ginagawa ang ibig nilang gawin, sila ay mga huwad na pinuno at mga manggagawa, tiyak na wala sa kanila ang gawain ng Banal na Espiritu, at dapat na mapalitan at ihalal na muli. Kung nagmamatigas silang tumanggi na isuko ang kanilang mga posisyon, may karapatan ang mga hinirang na tao ng Diyos na tumangging tanggapin ang kanilang

pamumuno, ipatawag sila, at isuplong sila. Lubos na pinagbabawalan ng bahay ng Diyos ang mga huwad na pinuno at mga anticristo mula sa panggugulo sa gawain ng bahay ng Diyos at pagkontrol ng mga hinirang na tao ng Diyos. Lahat ng tao na natuklasan bilang isang huwad na pinuno o isang anticristo ay pakikiharapan, nang walang anumang awa. Kung may sinuman na nakatuklas sa mga huwad na pinuno at mga anticristo na gumagawa ng masama at gumagambala sa gawain ng iglesia nang hindi sila isinusuplong at inilalantad, sila ay mga tao na walang pagkaunawa sa hustisya at hindi pinangangalagaan ang gawain ng Diyos, sila ay mga taong walang puso na natatakot sa Diyos, sila ay walang katapatan sa Diyos. Lahat ng taong hindi inilalantad at isinusuplong ang mga gumagawa ng masama ay nakikibahagi sa mga kasamaang ginagawa nila, at dapat silang itala bilang mga kasabwat. Walang isa man dapat ang maaaring magpahirap o maghiganti sa mga tao na nagsusuplong at naglalantad ng mga huwad na pinuno at mga anticristo. Kung ang sinuman ay natuklasang nagpapahirap o gumaganti sa mga tao na may tapang na isuplong at ilantad ang mga masasamang gawain sa alinmang iglesia, dapat na siyasatin at patunayan ng mga pinuno at mga manggagawa mula sa lahat ng antas ang sitwasyon, at tratuhin ang usapin ng may buong kaseryosohan. Ang mga hinirang na tao ng Diyos ay maaaring ilantad at isuplong ang mga tao dahil sa paggawa ng masasamang gawain; ito ay isang pagkilos ng katarungan, at isang mabuting gawain na nangangalaga sa mga kapakanan ng bahay ng Diyos at nagsasaalang-alang sa Kanyang kalooban. Ang mga taong may kakayahan sa pamimigil at paghihiganti sa kanila ay siguradong hindi mga tao na natatakot sa Diyos, sila ay tiyak na walang katotohanang realidad, sila ay siguradong mga anticristo at gumagawa ng masasama, bagamat ang mga manggagawa at mga pinuno mula sa lahat ng antas ay may karapatan na siyasatin at pakiharapan sila. Ang mga taong ito ay hindi dapat patawarin kailanman. Sapagkat, saanman mayroong masasamang gawain ng pagpapahirap sa mga hinirang na tao ng Diyos, naroon ang mga gumagawa ng masasama at mga anticristo. Ito ay isang katotohanang hindi maipagkakaila ninuman.

Ngayon, lahat ng iglesia ay may mga taong katulad sa mga tao na nasa “pangkat ni Korah.” Sila ay mga walang ginagawang mabuti, nakikibaka para sa kapangyarihan at pakinabang, at lumilikha ng kaguluhan at mga pagkagambala sa mga iglesia sa lahat ng dako. Sila ay pawang mga balakid at mga hadlang ng bahay ng Diyos. Ang mga taong ito ay wala ni katiting na pag-ibig para sa katotohanan at higit pa rito, hindi isinasagawa ang katotohanan. Mula sa umpisa hanggang katapusan, walang panahon na nagbabago ang kanilang mga satanikong disposisyon, ang kanilang ambisyon na itatag ang kanilang sariling malayang kaharian ay hindi kailanman namamatay, at sila ay dalubhasa sa paglaban sa bahay ng Diyos. Sila mismo ang mga taong nagdudulot ng kaguluhan saanmang dako sa ngayon. Saanman may kaguluhan, mayroong mga demonyong anticristo na gumagawa ng kasamaan at nagdudulot ng mga pagkagambala. Ito ay ang eksaktong uri ng pagkilos na katulad doon sa isinagawa ng “pangkat ni Korah.” Lahat ng tao na hindi tunay na nakakasunod sa mga gawang pagsasaayos ng Itaas at sinasadyang labanan ang taong ginamit ng Banal na Espiritu at nagagawa ang kanilang sariling kagustuhan ay kabilang sa parehong kategorya tulad ng “pangkat ni Korah.” Ang lahat ng ganoong tao ay itinuturing na mga anticristo, at dapat matutunan ng mga hinirang na tao ng Diyos kung paano sila makikilala at isuplong at ilantad ang mga demonyong ito. Ang mga masasamang tao na gumagambala at gumugulo sa gawain ng Diyos at gumagawa ng lahat ng uri ng kasamaan ay tinuturing na mga demonyo. Kung ang masasamang tao at mga demonyo na kabilang sa mga gawain sa iglesia saanmang dako ay hindi isinuplong o inilantad ng mga tao na nakakaalam ng kanilang totoong kulay, makikilala lamang sila ng mga hinirang na tao ng Diyos sa pamamagitan ng pangmatagalang pagmamatyag, at ito ay magpapatagal at gagambala sa gawain ng bahay ng Diyos, at magdudulot ng kalugihan sa mga buhay ng Kanyang mga

hinirang na tao. Kaya nga, dapat na manindigan ang sinumang tao na nakakaalam ng mga tunay na kulay ng masasamang tao at mga demonyo, ilantad sila, at isuplong sila upang ipagtanggol ang gawain ng Diyos, at hindi dapat kumilos na para bang wala itong kinalaman sa kanila at walang sasabihin. Ang masasamang tao ay tiyak na hindi magsisisi. Walang inililigtas na masasamang tao ang Diyos, at kaya sinuman ang nakakaalam sa mga totoong kulay ng masasamang tao o nakakakita ng masasamang tao at mga demonyo na gumugulo sa iglesia ay dapat silang matapang na ilantad at isuplong at makipagtulungan sa mga hinirang na tao ng Diyos sa pagpaparusa sa mga masasamang tao at mga demonyong ito. Tanging sa oras lang na iyon sila magiging mga tao na may pagsasaalang-alang sa mga layunin ng Diyos at nangangalaga sa gawain ng Diyos. Ang sinuman na nakakakita sa mga totoong kulay ng masasamang tao at mga demonyo ngunit hindi sila inilalantad ay nagiging isang kasabwat sa kanilang masasamang gawain at madadamay sa mga iyon. Samakatuwid, ang pag-aalis ng lahat ng masasamang tao at mga demonyo ay isang hindi maiiwasang pananagutan ng mga hinirang na tao ng Diyos. Hindi dapat mag-atubili ang mga hinirang na tao ng Diyos na gawin kung ano ang tama, at alisin ang lahat ng mga balakid at mga hadlang para sa kapakanan ng pagpapalawak sa ebanghelyo at paggawa ng kalooban ng Diyos. Dapat na maging maliwanag ang mga hinirang na tao ng Diyos: Ang lahat ng katulad ng “pangkat ni Korah” ay dapat na wasakin.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

65. Ang Mga Prinsipyo ng Pag-ako sa Responsibilidad at Pagbibitiw sa Puwesto

(1) Sinumang huwad na lider o manggagawa na hindi tumatanggap sa katotohanan, hindi kayang gumawa ng praktikal na gawain, at sa ilang panahon ay nagkulang sa gawain ng Banal na Espiritu, ay dapat managot at magbitiw sa puwesto;

(2) Sinumang tumatangging magpalabas at magsakatuparan ng mga

kaayusan ng gawain o sermon at pagbabahagi, at hinahadlangan ang mga hinirang ng Diyos na mapangunahan at mapastol mula sa Nakatataas, ay dapat managot at magbitiw sa puwesto;

(3) Sinumang lumalabag sa mga kaayusan ng gawain at tinatakbuhan ang kanyang pananagutan, na nakapagdudulot ng matinding kawalan at sakuna sa gawain ng bahay ng Diyos at sa Kanyang mga hinirang, ay dapat managot at magbitiw sa puwesto;

(4) Kung, sa pagkakagawa ng paglabag o masamang gawa, ang isang lider o manggagawa ay tinatabasan at sinusuweto, at nagagawang tunay na makapagsisi, na tinitiyak ang mabuting paggawa sa hinaharap, pansamantala silang makapananatili sa kanilang posisyon.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Habang umuusad ang buhay mo, dapat palagi kang may bagong pagpasok at bagong, mas mataas na kabatiran, na lumalalim sa bawat hakbang. Ito ang dapat na pasukin ng lahat ng sangkatauhan. Sa pamamagitan ng pakikipagniig, pakikinig sa mga sermon, pagbabasa ng salita ng Diyos, o pagtatangan sa ilang usapin, magkakamit ka ng bagong kabatiran at bagong kaliwanagan, at hindi namumuhay sa loob ng mga lumang patakaraan at lumang panahon; palagi kang mamumuhay sa bagong liwanag, at hindi lalayo mula sa salita ng Diyos. Ito ang ibig sabihin ng pagsisimula sa tamang landas. Ang pagbabayad sa isang halaga nang paimbabaw na antas lamang ay hindi maaari; bawat araw, pumapasok ang salita ng Diyos sa mas mataas na dako, at lumilitaw ang mga bagong bagay araw-araw, at ang tao rin, dapat gumawa ng bagong tala araw-araw. Habang nagsasalita ang Diyos, dinadala Niya sa katuparan ang lahat ng sinasabi Niya, at kung hindi ka makasasabay, mahuhuli ka. Dapat kang mas lumalim sa mga panalangin mo; hindi maaaring pahintu-hinto ang pagkain at pag-inom ng salita ng Diyos. Laliman ang kaliwanagan at pagpapalinaw na tinatanggap mo, at dapat unti-unting umurong ang mga kuro-kuro at mga guni-guni mo. Dapat mo ring palakasin ang paghatol mo, at anumang makatatagpo mo, dapat kang magkaroon ng sarili mong mga saloobin tungkol dito at magkaroon ng sarili mong mga pananaw. Sa

pamamagitan ng pagkaunawa ng ilang mga bagay sa espiritu, dapat mong makamit ang kabatiran sa panlabas na mga bagay at maunawaan ang kaibuturan ng anumang usapin. Kung hindi ka nabigyan ng mga bagay na ito, paano mo maaakay ang iglesia? Kung nagsasalita ka lamang tungkol sa mga titik at mga doktrina nang walang anumang realidad at walang paraan ng pagsasagawa, makararaos ka lamang sa loob ng maikling panahon. Maaaring bahagya itong katanggap-tanggap kapag nakikipag-usap sa mga bagong mananampalataya, ngunit makalipas ang panahon, kapag nagkaroon na ng ilang aktwal na karanasan ang mga bagong mananampalataya, hindi mo na sila matustusan. Kung gayon paano kang nababagay sa paggamit ng Diyos? Kung walang bagong kaliwanagan, hindi ka makagagawa. Yaong mga walang bagong kaliwanagan ay yaong mga hindi alam kung paano makaranas, at hindi kailanman magkakamit ng bagong kaalaman o bagong karanasan ang ganitong mga tao. At, sa usapin ng pagtutustos ng buhay, hindi nila kailanman magagampanan ang tungkulin nila, ni magiging angkop sila sa paggamit ng Diyos. Walang silbi ang ganitong uri ng tao, isang palaboy lamang. Sa katotohanan, ang ganitong mga tao ay lubos na walang kakayahang gampanan ang tungkulin nila sa gawain, walang silbi silang lahat. Hindi lamang sila nabibigong gampanan ang tungkulin nila, kundi talagang naglalagay pa sila ng higit na di-kinakailangang pahirap sa iglesia. Hinihimok Ko itong “kagalang-galang na matatandang mga lalaki” na magmadali at iwanan ang iglesia, upang hindi ka na kailangang tingnan ng iba.

Hinango mula sa “Yaong mga Sumusunod sa Diyos Nang may Tunay na Puso ay Tiyak na Makakamit ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Upang mabukod at matanggal ang lahat ng mga huwad na pinuno, mga huwad na manggagawa, naglabas ang Itaas ng sumusunod na paunawa:

Ang sinumang gumagawa ng kasamaan na gumawa ng anuman sa mga sumusunod na pitong gawain ay dapat na akuin ang responsibilidad,

magbitiw sa tungkulin, at umamin sa kanilang mga kasalanan sa mga hinirang na tao ng Diyos, upang mapakalma ang mga tao at maipanatag ang Diyos.

1. Sinuman na kulang sa gawain ng Banal na Espiritu, na ang pagsasalamuhaan ay walang katotohanang realidad, na hindi nakalulutas ng mga praktikal na suliranin ng pagpasok sa buhay para sa mga hinirang na tao ng Diyos, at hindi nakakagawa ng praktikal na gawain ay dapat na akuin ang responsibilidad at magbitiw sa tungkulin.

2. Sinuman na kumondena sa gawang pagsasaayos ng Itaas, na pumigil o tumangging ipamahagi ang mga gawang pagsasaayos, mga pangaral at pagsasalamuhaan, na naglimita sa kakayahan ng mga hinirang na tao ng Diyos na tumanggap ng gawang pagsasaayos, mga pangaral at pagsasalamuhaang ibinahagi ng iba, at nagsarado sa iglesia ay dapat na akuin ang responsibilidad at magbitiw sa tungkulin.

3. Sinuman na tumatangging ipatupad ang mga gawang pagsasaayos at maghihigpit sa mga paghahalal ng mga pinuno at mga tagapaglingkod sa iglesia—kasama na ang mga maliliit na pinahuntulutang paghahalal—ngunit sinusubukan ding sapilitan o patagong maghirang ng mga kandidato, ay dapat akuin ang responsibilidad at magbitiw sa tungkulin.

4. Sinuman na nagkamali na itinawalag o hiniwalay ang marami sa mga hinirang na tao ng Diyos nang hindi sumasangguni sa iglesia, na tumangging ibalik sila sa tungkulin sa buhay-iglesia, na wala ni katiting na pag-ibig sa mga hinirang na tao ng Diyos, at hindi nagtatanong o walang pakialam tungkol sa mga suliranin ng mga hinirang na tao ng Diyos ay dapat na akuin ang responsibilidad at magbitiw sa tungkulin.

5. Sinuman na naghigpit sa kakayahan ng mga hinirang na tao ng Diyos na makipagsalamuhaan sa mga gawang pagsasaayos at makilala ang mga huwad na pinuno at mga anticristo, na humadlang sa mga hinirang na tao ng Diyos sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin at pagsasagawa ng katotohanan ayon sa mga gawang pagsasaayos, at nagpakalat ng mga kakatuwang teorya upang mapasunod ang mga tao sa iglesia at mga pinuno ay dapat na akuin ang responsibilidad at magbitiw sa

tungkulin.

6. Sinuman na lumustay sa mga handog sa Diyos, inaangkin ang mga iyon bilang kanila, o umaabuso sa paggamit ng mga handog na lumalabag sa mga pagtutustos ng mga gawang pagsasaayos, ay dapat na akuin ang responsibilidad at magbitaw sa tungkulin, at dapat na ganap na ipagtapat ang mga katotohanan ng kanilang mga krimen at ibalik ng buo ang perang kinuha nila.

7. Sinuman na gumanti o kinondena ang mga kabilang sa mga hinirang na tao ng Diyos na nangangahas na ilantad ang mga huwad na pinuno at mga anticristo at naninindigan para sa kung ano ang tama, o pinigilan sila o gumawa ng kapinsalaan sa kanila, sa katotohanan, ay mga diyablong labis ang kasamaan, at dapat na akuin ang responsibilidad at magbitiw sa tungkulin.

Hindi na papayagan ng bahay ng Diyos ang sinumang mga gumagawa ng kasamaan na nakagawa ng anuman sa pitong gawain sa itaas na magpatuloy sa paghawak ng puwesto sa pagiging pinuno o manggagawa sa anumang antas, sapagkat ang mga taong ito ay labis na ginambala at ginulo ang gawain ng Diyos, wala sila ni katiting na pag-ibig sa mga hinirang na tao ng Diyos, marahas na sinaktan ang mga hinirang na tao ng Diyos, nagpursige na pigilan ang mga hinirang na tao ng Diyos mula sa pagkaunawa sa katotohanan o pagsunod sa gawain ng Diyos, at kinondena pa nila at pinaratangan ng mali ang mga hinirang na tao ng Diyos na sumusunod sa mga gawang pagsasaayos at pinaninindigan ang pagkamakatuwiran. Ito ay labis-labis na kasamaan, isang kasalanan na walang kapantay. Hindi na matitiis ng hinirang na tao ng Diyos ang gayong mga gumagawa ng kasamaan sa posisyon sa pamumuno at manggagawa, at umiiyak sila sa Diyos para sa kaligtasan. Maliwanag na ang mga huwad na pinuno, mga huwad na manggagawa, at mga anticristong ito ay nag-udyok sa galit ng mga tao at nagkasala sa disposisyon ng Diyos, kaya’t dapat nilang akuin ang responsibilidad at magbitiw sa tungkulin. Ito ay ganap na alinsunod sa kalooban ng Diyos at sa mga nais ng mga tao. Kung ngayon ay aakuin nila ang responsibilidad at magbibitiw sa tungkulin,

at ipapakitang kaya nilang magsisi, bibigyan sila ng isa pang pagkakataon ng bahay ng Diyos; papayagan silang panatilihin ang kanilang buhay-iglesia at mga itinalagang naangkop na tungkulin—at kung hahangarin nila ang katotohanan at tunay na magsisi, magkakaroon pa rin sila ng pagkakataong maligtas. Subalit, kung hindi nila aakuin ang responsibilidad at hindi magbibitiw sa tungkulin, at patuloy na lalabanan ang bahay ng Diyos, maaari silang ituring bilang mga anticristo, at dapat na itiwalag at walang hanggang tanggihan ng mga hinirang na tao ng Diyos.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Paano dapat unawain at pagpasyahan ng mga tao ang mga sitwasyon kung saan dapat nila akuin ang responsibilidad at magbitiw sa tungkulin taliwas sa mga sitwasyon kung saan hindi nila kailangang akuin ang responsibilidad at magbitiw sa tungkulin? Ang ilang mga pinuno at mga manggagawa ay wala ng gawain ng Banal na Espiritu, at walang kakayahang gawin ang kahit na maliit na praktikal na gawain. Ang kaya lang nilang gawin ay ang hawakan ang mga pangkalahatang gawain at gumawa ng ilang mababababaw, at hindi mahahalagang gawain. Ang mga gayong tao ay dapat akuin ang responsibilidad at magbitiw sa tungkulin. Kung nakakagawa sila ng ilang praktikal at kapaki-pakinabang na gawain, kahit na ang kinalabasan ng kanilang gawain ay hindi ganoon kabunga, ngunit ang kanilang pagkatao ay may kabutihan, at sila ay masunurin, ang mga taong katulad nito ay maaaring ibalik na muli sa kanilang mga tungkulin. Ano ang mga kondisyon para sa pagbabalik sa tungkulin? Dapat silang makagawa ng ilang praktikal na gawain. Kahit na papaano, mayroon silang kadalisayan ng pagkaunawa, nagtataglay ng ilang realidad para sa pagbabahaginan sa katotohanan, magbigay ng tulong sa iba at turuan sila, at lutasin ang ilang mga praktikal na suliranin. Ang mga taong katulad nito ay hindi kailangang akuin ang anumang responsibilidad sa kanilang mga sarili at magbitiw sa tungkulin. Kung ang isang tao ay hindi kayang gumawa ng anumang praktikal na gawain, at lumilikha ng lahat ng uri ng

pang-aabala at paggambala, at karagdagan pa, hindi nila alam kung anong uri ng gawain ang dapat nilang gawin at kumikilos lang kapag sinasabihan sila ng iba kung ano ang gagawin, ang gayong tao ay dapat na magbitiw sa tungkulin. Maliwanag na dapat sa iyo ang mga prinsipyong ito, tama? Kung hindi alam ng ilang tao kung aako ba ng responsibilidad o hindi at magbibitiw sa tungkulin, dapat nilang tanungin ang mga hinirang na tao ng Diyos, dahil sila ang may pinakamalaking karapatan. Kung napagnilay-nilayan mo na ang iyong sarili at naliwanagan na sa kung paano ka umasal sa nakaraan, tunay nang nagsisi, at maipapangakong gagawa ng ilang praktikal na gawain sa hinaharap, kung gayon ay hindi mo na kailangang akuin ang responsibilidad sa iyong sarili o magbitiw sa tungkulin. Kung hindi mo talaga kayang gumawa ng anumang praktikal na gawain, at samakatuwid ay dapat na akuin ang responsibilidad at magbitiw sa tungkulin, ngunit nararamdaman mo na sa paggawa nito ay pinagtataksilan mo ang Diyos, ito ba ay talagang pagtataksil sa Kanya? Ito ay kapakinabangan sa mga hinirang na tao ng Diyos at sa gawain ng bahay ng Diyos. Kung, pagkatapos mong magbitiw sa tungkulin, ikaw ay tapat sa pagtupad ng mga tungkulin na may kakayahan kang gawin, katulad ng pangangaral ng ebanghelyo, paglilingkod sa mga kapatid, o pagganap ng mga pangkalahatang gawain, mahahanap mo ang iyong lugar kung gayon. Kung hindi mo inaako ang responsibilidad at hindi magbibitiw sa tungkulin, at gumaganap pa rin sa iyong tungkulin sa pamumuno, magiging balakid ka kung gayon. Kung hindi ka pa rin nagbibitiw sa tungkulin, at patuloy na iniisip na ang pagbibitiw sa tungkulin ay pagtataksil sa Diyos, ang iyong paraan ng pag-iisip ay purong kamalian kung gayon. Kung umaako ka ng responsibilidad at magbibitiw sa tungkulin, ang pagiging balakid mo ay hindi na magiging kahadlangan. Hindi ito pagtataksil sa Diyos; sa halip, nagpapakita ito na mayroon kang katuwiran. Kung makakaya mong tunay na magsisi, ito ay isang gawain ng pagtanggap ng katotohanan at pagpapasakop sa Diyos. Kung patuloy kang gagawa ng masama at tututulan ang Diyos, walang pakialam kung ang mga hinirang ng Diyos ay mabubuhay o mamamatay, wala kang ibang pagpipilian kung hindi ang

harapin ang kaparusahan ng Diyos. Hindi lang mawawala sa iyo ang lahat ng katayuan at reputasyon, bagkus ay wawasakin ka din ng Diyos.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

66. Ang Mga Prinsipyo ng Muling-Pagsasaayos sa Mga Lider at Manggagawa

(1) Sinumang inihalal na lider o manggagawa na hindi nakagagawa ng praktikal na gawain o hindi nakalulutas ng mga praktikal na problema ay dapat agarang muling isaayos at mapalitan;

(2) Sinumang huwad na lider o manggagawa na hindi nagsasagawa ng katotohanan, hindi nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu, at hindi makagagawa ng praktikal na gawain ay dapat palitan, at dapat gumawa ng mga kaukulang pagsasaayos para sa kanila sa ibang lugar;

(3) Kung hindi naaangkop ang pagkakaayos ng gawain ng isang lider o manggagawa (ibig sabihin, ang kanilang talento ay masyadong nakahihigit o nakababababa para sa isang ibinigay na gampanin) ay dapat muling-isaayos kung kinakailangan, na isinasaalang-alang ang kanilang tayog at mga kalakasan;

(4) Sa sandaling mailagay sa kaayusan ang gawain ng isang lider o manggagawa, dapat silang isailalim sa pagsisiyasat, imbestigasyon, at pagsubaybay; kung ang pagkakaayos ay masumpungang hindi akma, dapat silang muling-isaayos kung kinakailangan.

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Dapat na iakma ang pagkakatalaga ng sinumang mga pinuno at mga manggagawa na hindi kayang gampanan ang praktikal na gawain. Depende sa kanilang mga kalagayan, maaari silang maibaba o maitalaga sa mas naaangkop na mga tungkulin; pagkatapos niyon, maaaring mapili ang mga tamang tao para palitan sila. Hindi sumusunod sa isang pangkat ng mga patakaran ang bahay ng Diyos sa pagpili at paghirang ng mga tao. Ang mahalal ay hindi nangangahulugang maglilingkod sila sa mga pagkakatalagang iyon habambuhay. Kailangang makagawa ng tunay na

gawain ang mga kandidatong nahalal; kung hindi sila makagawa ng tunay na gawain at hindi naaangkop, kung gayon kailangang iakma ang kanilang pagkakatalaga at mapalitan. Dahil hindi totoong nauunawaan ng karamihan sa hinirang na mga tao ng Diyos ang katotohanan, mas mabuti at mas makatarungan lamang na mahalal ang karamihan sa mga tao sa halip na itaas ayon sa mabuting pagpapasiya ng mga pinuno at mga manggagawa, sa anumang antas. Kung pinahintulutan ang mga pinuno at mga manggagawa sa bawat antas na magtaas ng mga tao ayon sa kanilang mabuting pagpapasiya, lalong bababa ang sukat ng mga taong naaangkop –animnapu o pitumpung porsiyento, ang pinakamalaki. Sa halip, kung demokratikong nahalal ang mga pinuno at mga manggagawa, maaaring maging karapat-dapat ang pitumpu o walumpung porsiyento sa kanila. Gayunman, hindi ito nangangahulugan na yaong mga nahalal ay talagang ang mga tamang napili at alinsunod sa kalooban ng Diyos. Bakit hindi ito nangangahulugan ng ganoon? Una, limitado sa tayog ang karamihan sa mga hinirang ng Diyos, at hindi nila naabot ang pag-unawa sa katotohanan; pangalawa, sa buhay iglesia lamang nakakasalamuha ng mga kapatid na lalaki at mga kapatid na babae ang isa't isa, at masyadong maiksi ang oras na ginugugol nila nang magkasama upang makabuo sila ng mga malinaw na pananaw sa karamihan ng iba, at, bunga nito, hindi kinakailangang isang-daang-porsiyentong naaangkop ang mga taong nahalal – karapat-dapat ang karamihan sa kanila, habang ang kaunti ay hindi; ikatlo, iba kumilos ang mga tao kapag mayroon silang katayuan at kapag wala. Pagkatapos makakuha ng katayuan ang ilang mga tao, ganap na malalantad ang lahat ng kanilang kalikasang diwa, ang kanilang mga paraan ng paggawa ng mga bagay, ang landas na tinatahak, at kung paano nila pakitunguhan ang iba. Noong wala silang katayuan, hindi naipamalas ang mga bagay na ito, at, dahil hindi sila kinailangang gumawa ng gayong gawain, nanatiling nakakubli ang mga katangiang ito, at nanatili silang tahimik, hindi nanghihimasok sa gawain ng isang opisina na hindi kanila. Samakatuwid, hindi masasabing talagang karapat-dapat ang yaong nahalal. Kung malantad na wala silang kakayahan sa anumang praktikal na

gawain, dapat silang mapalitan at magamas, at dapat maghalal ng iba.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

Bakit palaging iniaakma ang pagkakatalaga ng mga pinuno at mga manggagawa sa lahat ng antas sa bahay ng Diyos? Ang layunin nito ay upang mapangalagaan ang kakayahan ng lahat ng Kanyang hinirang na mga tao na kumain at uminom ng Kanyang mga salita at upang normal na maranasan ang mga ito, at makarating sa kung saan nila maaaring maunawaan ang katotohanan at makapasok sa realidad. Ito ang aktwal na resulta na dapat makamit ng mga pinuno at mga manggagawa sa kanilang paglilingkod sa Diyos. Kung hindi sila iniakma nang wasto, o kung isang huwad na manggagawa o huwad na apostol ang bumalikat sa tungkulin ng isang pinuno o manggagawa, hindi ba ito magreresulta sa pagdurusa ng hinirang ng Diyos? Hindi lamang isang tao ang mahahadlangan o malilinlang, ni hindi ang mga pinuno o mga manggagawa mismo; una sa lahat, ang hinirang na mga tao ng Diyos ng isang buong rehiyon ang mahahadlangan at malilinlang. Kung hindi wastong pinili ang isang pinuno ng iglesia, maaari itong makahadlang ng tatlumpu hanggang limampung mga tao; kung hindi wastong pinili ang isang pinuno ng distrito, maaari itong makahadlang ng tatlo-, lima-, kahit hanggang pito- o walong-daang tao; kung hindi wastong pinili ang isang pinuno ng isang pastoral area, maaantala nito ang pagpasok sa buhay ng daan-daang libong mga tao – isang malubhang kahihinatnan, talaga! Kung hindi wastong naiakma ang mga pinuno at mga manggagawa, napakaraming hinirang ng Diyos ang mahahadlangan at mawawasak; samakatuwid napakahalagang iakma ang mga pinuno at mga manggagawa.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

Pagdating sa yaong mga pinuno at mga manggagawa na walang gawain ng Banal na Espiritu, dapat silang mapalitan sa pinakamaagang pagkakataon upang maiwasang magdulot ng kawalan sa pagpasok sa buhay ng hinirang na mga tao ng Diyos. Ito ay dahil yaong mga walang gawain ng Banal na Espiritu ay mga taong nailantad at nagamas na ng

Diyos, at kung patuloy silang pananatilihin ng isang tao, nagdudulot iyon ng mga pagkaabala sa gawain ng Diyos. Bukod pa roon, isa itong paraan ng paggawa ng mga bagay na sumasalungat sa Diyos. Walang dudang mga huwad na pinuno at mga huwad na manggagawa ang mga pinuno at mga manggagawa na walang gawain ng Banal na Espiritu. Anumang antas ng mga pinuno at mga manggagawa sila, kung matuklasang ang isang tao ay walang gawain ng Banal na Espiritu, kung gayon kailangang agad silang mapalitan at lubusang hindi mapanatili sa posisyon, gaano man kabuti ang kanilang pagkatao. Nailantad na ng Diyos bilang mga taong kailangang mapalitan yaong walang gawain ng Banal na Espiritu. Ang magpumilit sa paggamit ng mga taong walang silbi sa Diyos, hindi ba iyan pagkalaban sa Diyos? Mangyari pa, may mga pagkakaiba sa mga katayuan ng yaong walang gawain ng Banal na Espiritu, subalit tiyak na karamihan sa kanila ay hindi hinahangad ang katotohanan at walang mabuting pagkatao. At mayroon ding kakaunti na may mga napakasalat na kakayahan, walang abilidad sa gawain o paimbabaw ang karanasan at hindi nauunawaan ang katotohanan. Palagi silang gumagawa na umaasa sa kanilang mga kuro-kuro at mga likhang-isip, at madalas silang nagdudulot ng mga pagkaabala sa gawain ng bahay ng Diyos, at nagreresulta ito sa hindi paggawa ng Banal na Espiritu sa kanila. Sa kabila ng mga kalagayan, kailangang mapalitan ang lahat ng walang gawain ng Banal na Espiritu. Ito ay ganap, at walang sinuman ang maaaring lumabag dito.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Ang pinakamahalagang bagay sa paghahatol kung dapat bang manatili ang isang pinuno ay ang makita kung gaano kahusay ang kanilang pagganap sa kanilang itinalagang gawain. Kung hindi sila mabisa sa pagganap sa kanilang itinalagang gawain, gaano man kabuti ang kanilang pag-uugali, at gaano man kapositibo ang impresyon na ibinibigay nila sa iba, wala itong silbi; gayunman, kung mahusay sila sa pagganap ng kanilang itinalagang gawain, ngunit mayroon silang ilang mga usapin sa

pag-uugali at nakagawa ng mga paglabag, hindi ito usapin ng prinsiyo, at dapat pa rin silang mapanatili. Kung may pinuno na baluktot ang pagtanggap sa gawain ng Diyos; na, sa kanilang pagsasalamuha, nagsasalita lamang ng mga titik at mga doktrina; at na ang mga kapatid, pagkatapos ng isang taon ng kanilang pamumuno, ay walang naging pag-unlad sa kanilang pagpasok sa buhay, ni hindi lumago sa kanilang pag-unawa sa salita ng Diyos, ipagpapalagay mo bang karapat-dapat maglingkod ang taong ito? Dapat na mapalitan ang gayong pinuno, gaano man sila ka bantog, at sa kabila ng kanilang panlabas na sigasig o kaanyuan ng paghahangad. Pagkatapos nilang mapalitan, maaari silang italaga sa ibang tungkulin; hindi sila naaangkop para sa pamumuno. Kung naaangkop sila sa ilang propesyunal na gawain o ibang gawain naman, maaaring ayusin para sa kanila ang gayong mga tungkulin. Ito ang prinsipyo ng pagkahirang sa bahay ng Diyos. May mga kalakasan at mga kahinaan ang bawat tao. Sa bahay ng Diyos, isinasaayos ang mga tungkulin ng mga tao ayon sa kanilang mga kalakasan at anumang gawain na nababagay sa kanila; ginagawa sila nitong mas mahusay na mapayabong ang kanilang indibidwal na mga pagkakatalaga.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

Dapat na batay sa prinsipyong ito ang pag-aakma o pagpapalit ng sinumang tao: Kailangang matukoy kung hinahanap ng taong pinag-uusapan ang katotohanan o hindi, kung ano ang katangian ng kanilang pagkatao, at kung mabisa nilang natupad ang kanilang tungkulin o hindi. Kung anim na buwan o isang taon nang gumaganap ng kanilang tungkulin ang isang tao, talagang nalantad na ang kanilang kakayahan at katangian; kung hindi mabuti ang kanilang pagkatao, hindi nila minamahal ang katotohanan at nabigong lumapit patungo rito, mababa ang kanilang kakayahan, at nabigong gampanan nang maayos ang kanilang tungkulin, kung gayon napatunayan na ang kalikasan ng taong ito – at dapat na maiakma o mapalitan ang gayong mga tao. Kailan ang oras para alisin ang mga damo? Kapag hinog na ang trigo. Sa madaling salita, ito ay kapag ang

hinirang ng Diyos ay naaaninaw at natutukoy kung anong mga tao ang hinahangad ang katotohanan, anong mga tao ang hindi hinahangad ang katotohanan, anong mga tao ang tapat na gumaganap ng kanilang mga tungkulin, anong mga tao ang walang pagbabagong walang malasakit, walang sigasig, at daskol sa kanilang mga tungkulin, at anong mga tao ang naaangkop sa kanilang mga tungkulin at anong mga tao ang hindi. Madaling maaninaw ang lahat ng mga bagay na ito. Sa gayon, ito ang oras na pinakanararapat upang alisin yaong mga hindi naaangkop, o gumawa ng ibang mga pagsasaayos para sa kanila. Bukod doon, may isa pang prinsipyo para sa pag-aakma at pagpapalit ng tauhan: kailangang tingnan ng isang tao ang kanilang kakayahan at kung kaya nilang gampanan ang kanilang gawain. Halimbawa, marahil ang isang partikular na tungkulin ay nangangailangan ng isang taong may kakayahan at pagkatao upang gampanan ito. Kung narating ng isang tao ang isang partikular na kakayahan, kahit na mayroon silang tiwaling disposisyon, hangga't kaya nilang magsisi pagkatapos matabas at mapakitunguhan, kung gayon maaari nilang isakatuparan ang tungkulin na iyon nang walang suliranin. Kung kapos ang kanilang kakayahan, walang-kabuluhan na tulungan ng iba ang taong ito at dapat silang maiakma. Kung hinahangad ng isang tao ang katotohanan at may pagkatao, subalit hindi sila bihasa sa isang propesyunal na gawain, kahit na tamang tao sila, hindi nararapat na gampanan nila ang tungkuling iyon, at kailangan nilang maiakma. Samakatuwid, dapat nakabatay ang pag-aakma sa mga tungkulin na pinakanaaangkop na gampanan ng isang tao, na ibig sabihin, ang tungkulin kung saan sila garantiyang magiging mabisa – ang mga tungkuling iyon ang dapat nilang gampanan. Dapat mapalitan at itakwil ang ilang mga tao, na may hindi mabuting pagkatao at hindi seryoso tungkol sa kanilang ginagawa, at na walang pagbabagong walang malasakit, walang sigasig, at hindi mabisa sa pagganap ng kanilang mga tungkulin. Sa hinaharap, hindi sila magkakaroon ng kinalaman sa pagtupad ng tungkulin. May ilang nagtatanong, "Hindi ba may ilang mga taong maaari nating subukang tulungan at obserbahan?" Marahil sa ilalim ng tulong at

obserbasyon ng iba, maaaring maging mas mabisa ang isang tao, gayunman kailangan itong masukat batay sa mga kalagayan ng tungkuling tinutupad nila. Kung nagampanan lamang nila ang kanilang tungkulin ng kalahating taon o higit pa ngunit kumikilos pa rin patungo sa katotohanan, kayang makita ang dahilan ng kanilang pagkabigong tuparin ang kanilang tungkulin sa pamamagitan ng pagtatabas at pakikitungo, at, bukod doon, tunay na nagsisi at natagpuan ang landas kung saan magsasagawa, kung gayon katanggap-tanggap na alukin sila ng higit na tulong. Kalaunan, maaari silang maging mabisa sa pagganap ng kanilang mga tungkulin. Kung, sa pagganap sa kanilang mga tungkulin, sila ay walang pagbabagong daskol at walang sigasig, at tumatangging itama ang kanilang mga pagkakamali kahit matapos ang paulit-ulit na mga babala, hindi nakikinig kahit sino ang nakikipagsalamuha, at na sutil, at hindi nila tinatanggap o isinasagawa ang katotohanan kailanman at basta pumunta nang walang kahandaan, kung gayon hindi na sila kailangan pang tulungan o obserbahan. Ang mga ito ang mga prinsipyo ng pag-aakma at pagpapalit.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

Sa bawat antas ng mga pinuno at mga manggagawa, kinabibilangan ng sumusunod ang mga pangunahing punteriya na kailangang mapalitan at alisin: Yaong pinamamahalaan ng masasamang espiritu; yaong masama ang pagkatao; mapanlinlang na mga tao; kakatuwang mga tao; yaong nakatuon lamang sa mga titik at mga doktrina subalit hindi nauunawaan ang mga espirituwal na bagay; yaong hindi makaaninaw; yaong hindi makaganap ng praktikal na gawain; yaong hindi makapagdilig at makapagtustos sa hinirang na mga tao ng Diyos; yaong ang mga gawain ay hindi makakumbinsi o mapahintulutan ng hinirang na mga tao ng Diyos; yaong palaging may mga kuro-kuro patungkol sa Diyos at sa taong ginagamit ng Banal na Espiritu. Kailangang lubusang maialis ang mga taong ito, at kailangang hindi na sila muling kumilos bilang mga pinuno sa anumang antas kailanman. Kailangang taglay ng mga taong itinataguyod at ginagamit ng bahay ng Diyos ang gawain ng Banal na Espiritu at

magpakita ng mga resulta sa gawaing ginagampanan nila, at kailangan din na maging mga taong makagagawa ng mga bagay. Lahat ng yaong hindi napahintulutan ng hinirang na mga tao ng Diyos, na hindi makaganap ng praktikal na gawain o na masyadong kulang sa kasanayan ang gawain, ay mga parasito na umokupa ng mga puwesto subalit hindi magampanan ang praktikal na gawain, at na nagnanasa ng katayuan. Kailangang maialis silang lahat, bawat isa sa kanila. Ganap na bumabagay ang patakarang ito sa kalooban ng Diyos, at kailangang-kailangan para sa hinirang na mga tao ng Diyos na makapasok sa tamang landas ng pananampalataya sa Diyos.

Bakit kailangang palitan ng bahay ng Diyos ang lahat ng yaong palaging may mga kuro-kuro tungkol sa Diyos at sa taong ginagamit ng Banal na Espiritu, na walang totoong pagsunod? Kailangan nating magkaroon ng pag-unawa tungkol dito. Mga taong hindi talaga humahangad sa katotohanan yaong mga nanampalataya sa Diyos sa halos limang taon subalit mayroon pa ring mga kuro-kuro tungkol sa Diyos at sa taong ginagamit ng Banal na Espiritu. Kung magiging mga pinuno sa kahit anong antas ang mga taong ito, tiyak na magiging mga anticristo sila, mga alagad at kasapakat ni Satanas. Samakatuwid, kailangang maialis silang lahat, bawat isa sa kanila. Talagang hindi hahayaan ng bahay ng Diyos na pamunuan ng mga kaaway ni Cristo at ng taong ginagamit ng Banal na Espiritu ang hinirang na mga tao ng Diyos. Kung sinuman ang gumagamit bilang mga pinuno sa yaong kinasusuklaman ni Cristo at ng taong ginagamit ng Banal na Espiritu, kung gayon mga kaaway rin sila ng Diyos at mga kaaway din ng hinirang na mga tao ng Diyos. Kailangang kapareho ng pag-iisip ng Diyos ang yaong ginagamit ng bahay ng Diyos, kailangang sila ay mga taong mahigpit na nakikipag-ugnayan sa gawain ng bahay ng Diyos, kailangang sila ay mga taong matapat kay Cristo at sumusunod kay Cristo. Kung hindi, hindi sila karapat-dapat na magamit ng Diyos. Yaong kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, na tinatamasa ang biyaya ng Diyos, na hindi nagpapatotoo para kay Cristo ngunit sa halip ay nagpapatotoo para sa kanilang mga sarili, na humahangad ng kapangyarihan at katayuan, lahat ay mga hamak na tao na walang budhi ni

katinuan, at mga anticristo silang lahat; hindi sila nababagay na maglingkod sa Diyos at kailangang maialis. Samakatuwid, hinihingi ng bahay ng Diyos na ang mga pinuno sa lahat ng mga antas ay kailangang yaong ganap na nagpapasakop sa Diyos, kailangang hangarin nila ang katotohanan at mahalin ang Diyos sa kanilang mga puso, at kailangang maayos silang makipag-ugnayan sa gawain ng bahay ng Diyos. Kung hindi nila taglay ang mga hinihinging ito, walang-pasubaling hindi sila maaaring gamitin. Yaong tumutupad ng mga tungkulin at naglilingkod sa Diyos, subalit hindi kapareho ng pag-iisip ng Diyos at sa halip pinamamahalaan lamang ang kanilang mga sariling pamumuhay at ginagampanan ang gawain alang-alang sa pagpapanatili ng kanilang sariling katayuan at kapangyarihan, hindi ba ang mga taong ito ang mga anticristo? Lahat ng yaong hindi nagtataas at nagpapatotoo para kay Cristo, ngunit sa halip nagpapatotoo para sa – at ipagyabang ang – kanilang mga sarili, kaaway silang lahat ni Cristo; kapag nakikipagsalamuha sa mga pagpupulong, yaong mga hindi tinatalakay ang kaalaman sa kanilang sariling mga tiwaling diwa o kung paano nila naranasan ang mga salita ng Diyos at nakapasok sa realidad, lahat ay mga taong nililinlang ang hinirang na mga tao ng Diyos at sila ay kanilang kaaway; lahat ng yaong gumanap ng gawain sa loob ng ilang mga taon na hindi tinutulungan ang hinirang na mga tao ng Diyos upang makilala si Cristo at magpasakop kay Cristo, at na hindi kayang tulungan ang hinirang na mga tao ng Diyos na makapasok sa salita ng Diyos ang katotohanan, lahat ay mga taong naglilingkod sa Diyos ngunit sinasalungat Siya; kinapopootan at kinasusuklaman silang lahat ng Diyos. Parasito ang lahat ng mga taong ito na nanghuhuthot sa bahay ng Diyos. Nagnanasa sila ng katayuan, ngunit hindi gumaganap ng praktikal na gawain; lahat sila ay masasamang alagad na walang budhi o katinuan at na makasarili, kakutya-kutya, pangahas at walanghiya.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

67. Ang Mga Prinsipyo ng Pagpapabalik sa Mga Lider at

Manggagawa

(1) Dapat munang isailalim sa masusing imbestigasyon ang mga liham ng pambabatikos at pagpapatanggal sa puwesto ng mga lider at manggagawa; hindi muna dapat asikasuhin ang gayong bagay, ni pagpasyahan ang kalikasan nito, hangga't hindi ganap na napapatunayan ang mga paratang;

(2) Maaari lamang pabalikin ang isang lider o manggagawa kung idineklarang hindi totoo sa pamamagitan ng opinyon ng mas nakararami at may pahintulot ng mga hinirang ng Diyos na nakauunawa sa katotohanan;

(3) Dapat isailalim ang gawain ng mga lider at manggagawa sa pagsisiyasat anumang oras. Anumang bagay na maituturing na seryosong paglabag sa mga prinsipyo ay dapat asikasuhin at lutasin kaagad;

(4) Ang pagpapabalik sa isang huwad na lider at anticristo na nakagawa ng iba't ibang gawang masasama ay maaaring isakatuparan ng katampatang bilang ng mga hinirang ng Diyos na may kasamang dalawa o tatlong lider o manggagawa.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Paano dapat tratuhin ng mga pinili ng Diyos ang mga anticristo? Kailangan nilang kilalanin ang mga ito, ilantad sila, iulat sila, at ipatapon palabas. Sa paano mang paraan nakamit ng isang anticristo ang posisyon ng pamumuno, walang dudang isa siyang lumalaban sa Diyos. Hindi mo dapat tanggapin ang pamumuno ng isang anticristo, at hindi mo rin dapat na tanggapin siya bilang iyong pinuno, dahil ang ginagawa niya ay hindi ang pangunahan ka patungo sa mga salita ng Diyos; nais niyang hilahin ka pababa sa impiyerno at dalhin ka sa katulad na landas ng mga anticristo na kanyang nilalakaran. Pinapasanib ka niya sa kanyang paglaban sa Diyos at sa paggambala at pagsira sa gawain ng Diyos. Hinihila ka niya at itinutulak upang malugmok kang kasama niya sa putik. Papayagan mo ba ito? Kung papayag ka, at kung makikipagkompromiso ka sa kanya, hihingi ng awa sa kanya, o magpapagapi sa kanya, kung gayon hindi ka nagpatotoo, at ikaw'y isang taong pinagtataksilan kapwa ang katotohanan at ang Diyos—at hindi maliligtas ang mga gayong tao. Ano ang mga kondisyong

kailangang maabot ng isang tao upang makatanggap ng kaligtasan? Una sa lahat, kailangang taglay nila ang kakayahang kilalanin ang mga mala-satanas na mga anticristo; kailangang taglayin nila ang aspetong ito ng katotohanan. Sa pamamagitan lamang ng pagkakaroon ng aspetong ito ng katotohanan sila tunay na makakasampalataya sa Diyos at makakaiwas sa pagsamba o pagsunod sa tao; tanging mga tao na makakakilala sa mga anticristo ang may kakayanang manampalataya nang totoo sa Diyos at sumunod at magpatotoo sa Kanya. Upang makilala ang mga anticristo, kailangang matuto muna ang mga tao na makita ang mga tao at mga bagay nang may ganap na kalinawan at pag-unawa; kailangan nilang makita ang diwa ng mga anticristo, at kailangan nilang matarok ang lahat ng kanilang mga sabwatan, panlilinlang, panloob na motibasyon, at mga layunin. Kung magagawa mo ito, makapaninindigan ka nang matibay. Kung nais mong makamit ang kaligtasan, ang unang pagsubok na kailangan mong malagpasan ay ang matutunan kung paano gapiin si Satanas at kung paano managumpay at magwagi sa mga masasamang kapangyarihan at paggambala mula sa sanlibutan. Kapag taglay mo na ang katayuan at sapat na katotohanan upang manatili hanggang sa wakas sa pakikipaglaban sa mga pwersa ni Satanas, at nagapi sila, sa pagkakataong iyon—at doon lamang—matibay na mapagsisikapan mong maatim ang katotohanan, at doon lamang maaari kang humakbang nang matatag at walang sakuna sa landas ng pagsusumikap para sa katotohanan at pagtamo ng kaligtasan. Kung hindi mo malalagpasan ang pagsubok na ito, kung gayon maaaring masabing nasa malaking panganib ka, at maaari kang mahuli ng isang anticristo at madala upang mamuhay sa ilalim ng impluwensya ni Satanas.

Hinango mula sa “Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (1)” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ano ang saloobing dapat taglayin ng mga tao pagdating sa kung paano tratuhin ang isang pinuno o manggagawa? Kung tama ang ginagawa niya, maaari mo siyang sundin; kung mali ang ginagawa niya,

maaari mo siyang ibunyag, at labanan pa siya at magbigay ng ibang opinyon. Kung hindi siya nakakagawa ng praktikal na gawain, at nabunyag na isang huwad na lider, isang huwad na manggagawa o isang anticristo, maaari kang tumangging tanggapin ang kanyang pamumuno, at maaari mo rin siyang isumbong at ibunyag. Gayunman, hindi nauunawaan ng ilang taong hinirang ng Diyos ang katotohanan at lalo nang napakaduwag, kaya nga hindi sila nangangahas na gumawa ng anuman. Sinasabi nila, “Kung patatalsikin ako ng lider, tapos na ako; kung hihikayatin niyang ibunyag o pabayaan ako ng lahat, hindi ko na magagawang maniwala sa Diyos. Kung lilisanin ko ang iglesia, hindi ako gugustuhin at hindi ako ililigtas ng Diyos. Ang iglesia ay kumakatawan sa Diyos!” Hindi ba naaapektuhan ng mga paraang ito ng pag-iisip ang saloobin ng gayong tao tungo sa mga bagay na iyon? Totoo nga kaya na kung itiwalag ka ng lider, hindi ka na maliligtas? Nakasalalay ba ang iyong kaligtasan sa saloobin ng iyong lider tungo sa iyo? Bakit napakaraming tao ang may gayon kalaking takot? Kung, sa sandaling bantaan ka ng isang huwad na lider o isang anticristo, hindi ka mangangahas na isumbong ito sa nakatataas at gagarantiyahan mo pa na mula sa oras na iyon, magkakaisa kayo ng isipan ng lider, hindi ba tapos ka na? Ito ba ang uri ng taong naghahanap sa katotohanan? Hindi ka lamang hindi nangangahas na ilantad ang gayon kasamang pagkilos na maaaring gawin ng napakasasamang anticristo, bagkus, sinusunod mo sila at itinuturing pang katotohanan ang kanilang mga salita, kung saan ikaw ay nagpapasakop. Hindi ba ito ang halimbawa ng kabobohan? Pagkatapos, kapag ikaw’y sinaktan, hindi ba karapat-dapat iyon sa iyo? Ang Diyos ba ang sanhi na ikaw’y masaktan? Hiniling mo ito sa iyong sarili. Tinanggap mo ang isang anticristo upang maging pinuno mo, at itinuring siya na parang kapatid—kasalanan mo ito. Ano ang saloobin na dapat gamitin sa pagtrato sa isang anticristo? Dapat ay ilantad siya at makipagpunyagi laban sa kanya. Kung hindi mo ito magagawa nang mag-isa, dapat na magsama ang maraming tao at iulat siya. Sa pagkatuklas na ang ilang pinuno at manggagawa na mas mataas ang posisyon ay lumalakad sa landas ng anticristo, na pinagdurusa ang mga

kapatid, hindi gumaganap sa tunay na gawain, at pinag-iimbutan ang biyaya ng katayuan, pumirma ang ilang tao sa petisyon na tanggalin ang mga anticristong iyon. Magaling ang ginawa ng mga taong iyon! Ipinapakita nito na nauunawaan ng mga tao ang katotohanan, na nagtataglay sila ng tiyak na matayog, at sila'y hindi kinukontrol ni nalinlang ni Satanas. Pinapatunayan din nito na ang mga anticristo at mga huwad na pinuno ay hindi nagtataglay ng dominanteng posisyon sa iglesia, at hindi sila nangahas na magpakita ng kanilang tunay na pagkatao nang labis na hayagan sa anumang sinasabi o ginagawa nila. Kung ipahahayag man nila ang kanilang sarili, may mga taong magmamatyag sa kanila, kikilala sa kanila, at ipatatapon sila sa labas. Ibig sabihin, sa mga puso ng mga taong may tunay na pagkaunawa sa katotohanan, ang katayuan, karangalan, at awtoridad ng isang tao ay hindi siyang nagtataglay ng malaking kapangyarihan. Ang lahat ng nakakaunawa sa katotohanan ay may pagkilala sa mabuti't masama, at pinag-iisipan at pinagbubulay-bulayan nila ang landas na dapat sundin ng mga tao sa kanilang pananampalataya sa Diyos, gayundin sa kung paano nila dapat tratuhin ang mga pinuno at mga manggagawa. Nagsisimula rin silang mag-isip kung sino ang dapat sundin ng mga tao, aling mga pagkilos ang bumubuo sa pagsunod sa tao, at aling mga pagkilos ang bumubuo sa pagsunod sa Diyos. Matapos pagbulay-bulayan ang mga katotohanang ito nang ilang taon, at madalas na makinig sa mga sermon, nauunawaan na nila ang mga katotohanan tungkol sa pananampalataya sa Diyos nang hindi pinag-iisipan, kaya't nakamtan nila ang sukat ng katayuan. Lumunsad na sila sa tamang landas ng paniniwala sa Diyos.

Hinango mula sa "Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (1)" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Tungkol naman sa mga anticristo, masasamang tao, at mga manlilinlang na may hawak na kapangyarihan sa iglesia, kailangang magkaisa ang hinirang na mga tao ng Diyos para alisin sila mula sa

kanilang mga puwesto at tanggihan sila. Dalawa o tatlong mga pinuno at mga manggagawa na nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu ay maaari silang direktang alisin mula sa kanilang mga puwesto at ipagbawal sila, at sinumang nagtataglay din ng gawain ng Banal na Espiritu ay maaaring mapili upang akuin ang gawain ng mga inalis. Ito lamang ang tunay na pagkapoot kay Satanas at pagtalikod dito. Kailangang hindi pahintulutan ng bahay ng Diyos ang masasamang tao, mga anticristo, o iyong mga hindi nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu na humawak ng kapangyarihan sa iglesia at dahil doon ay malinlang at mapinsala ang iba. Sa sandaling naipakita ng gayong mga tao ang tunay nilang mga kulay, kailangan silang ipagbawal. Utos ito ng Diyos, at simbolo ito ng Kanyang matuwid na disposisyon. Dapat na matimtimang tumayo sa Kanyang tabi ang hinirang na mga tao ng Diyos, pinagtitibay ang Kanyang gawain at nagpapasakop sa awtoridad ng Kanyang mga salita. Labag sa kalooban ng Diyos na humawak ng kapangyarihan sa iglesia ang mga anticristo at masasamang tao, at labag ito sa Kanyang mga atas administratibo. Kapag natuklasan ang isa, dapat siyang ipagbawal; at walang sinuman ang dapat protektahan ang gayong tao. Isang kasabwat at isang kawal ni Satanas ang sinumang magsalita na pananggol sa isang anticristo, isang masamang tao, o isang taong nanlilinlang ng iba, at samakatuwid sila ay isang tao na mailalantad at maaalis ng Diyos.

Mabubunyag ang lahat ng uri ng mga tao sa huling mga taon ng mga sakuna at mga pagsubok. Binubuo ng huwad na mga pinuno at mga manggagawa na hindi nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu ang humigit kumulang isang-katlo ng mga pinuno at mga manggagawa. Sa gitna ng huwad na mga pinuno at mga manggagawa na ito, ang ilan ay mga anticristo na gumagawa ng lahat ng uri ng kasamaan, samantalang ang ilan ay naiwala ang gawain ng Banal na Espiritu dahil sa hindi nila paghangad sa katotohanan, kahit na wala silang masyadong ginawang kasamaan, at ang mga taong katulad nito ang maaaring mabigyan ng mga pagkakataon para magsisi. Tungkol naman sa mga anticristo na gumagawa ng lahat ng uri ng kasamaan, o na nagtatangkang magtatag ng

kanilang sariling mga independiyenteng kaharian, ang mga pinuno at mga manggagawa sa lahat ng antas pati na rin ang hinirang na mga tao ng Diyos ay dapat mag-ipon ng katibayan ng kabuktutan ng mga taong ito at gumawa ng buod ng kanilang masasamang gawa. Kapag nakalap na ang sapat na katibayan, kailangan ng pagkilos upang alisin ang mga taong iyon mula sa kanilang mga puwesto at ipagbawal sila—at ang pagkilos na ito ay isang pagpapatalsik ng kasamaan upang ipakita ang pamimintuho sa Diyos. Sa ilang mga iglesia, ang hinirang na mga tao ng Diyos ay nakakuha na ng katibayan ng mga krimen ng ilang mga huwad na pinuno, mga huwad na manggagawa, o mga anticristo, at dapat nilang pagsama-samahin ang katibayan na ito sa nakasulat na mga materyales. Kung ang isang tao ay naging isang puwersa ng anticristo, kung gayon dapat na makipagkaisa ang hinirang na mga tao ng Diyos sa mga pinuno at mga manggagawa na nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu at paalisin at palitan ang taong iyon. Kung walang sapat na katibayan ng nagawang masasamang gawa, o kung tumutukoy lamang ito sa iba't ibang mga problema ng pagpapahayag ng katiwalian at hindi bumubuo ng paggawa nila ng lahat ng uri ng kasamaan, kung gayon maaaring ipagpaliban at gawin ang pagpapasiya batay sa kalidad ng kanilang pagkatao pagkatapos silang obserbahan sa isang takdang panahon. Sa bahay ng Diyos, tanging ang mga pinuno at mga manggagawa na nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu ang mga taong pinahintulutan ng Diyos para magamit; iyong mga walang gawain ng Banal na Espiritu ay ang mga hindi Niya pinahihintulutan at na dapat pagbawalan. Samakatuwid, dapat tiyakin ng hinirang na mga tao ng Diyos kung pinapanatili o hindi ang isang pinuno o manggagawa ng anumang antas batay sa kung nagtataglay sila ng gawain ng Banal na Espiritu o hindi. Dumating sa isang napakahalagang sandali ang pagkatalo ng Diyos kay Satanas at ang pagtapos Niya sa tadhana ni Satanas. Kailangang maunawaan ng hinirang na mga tao ng Diyos ang Kanyang kalooban at kailangang ganap na hindi hayaang makakuha ng kapangyarihan sa iglesia ang iba't ibang masasamang tao at mga anticristo na kaanib ni Satanas—ito ang hinihingi ng Diyos, ang Kanyang utos; at

higit pa sa lahat, simbolo ito ng Kanyang matuwid na disposisyon. Mga tauhan ng malaking pulang dragon sa loob ng iglesia ang masasamang tao at mga anticristo, at kinakatawan nila ang mga puwersa ng malaking pulang dragon. Kung hahawak ng kapangyarihan ang masasamang tao at mga anticristo, samakatuwid, nangangahulugan itong ang malaking pulang dragon ay may hawak na kapangyarihan. Sa pagtanggi sa masasamang tao at mga anticristo lamang matatalikuran ng mga tao ang malaking pulang dragon at makakapaghimagsik laban kay Satanas. Ang lahat ng mga taong makatarungan at matapat sa Diyos ay dapat na sadyang bumangon at pagtibayin ang gawain ng Diyos, protektahan ang mga interes ng hinirang na mga tao ng Diyos at maglunsad ng isang tiyak na pakikidigma laban sa mga puwersa ni Satanas—ito ang kapangyarihang pinagkaloob ng Diyos sa Kanyang hinirang na mga tao. Sa espirituwal na pakikidigmang ito, kaanib Niya ang lahat ng mga nakatayo kasama ng Diyos at na matapat sa Kaniya, at lahat ng mga nakatayo kasama si Satanas at ginagawa ang kanilang makakaya upang guluhin at gibain ang gawain ng Diyos, ay kaanib ni Satanas; naibunyag na lahat ang dalawang uring ito ng mga tao, at dapat malinaw itong makita ng hinirang na mga tao ng Diyos.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Kung hindi napalitan ang ilang mga huwad na pinuno at mga huwad na manggagawa pagkatapos gumawa ng maraming masasamang kilos, dapat na gumawa ang hinirang na mga tao ng Diyos ng buod ng mga katotohanan ng kanilang kasamaan at iulat ang mga ito sa mga pinuno at mga manggagawa sa mga mas mataas na antas. Kung nakagawa ng napakaraming kasamaan ang mga pinuno ng distrito, dapat itong maiulat sa mga pinuno at mga manggagawa ng rehiyon. Kung nakagawa ng maraming kasamaan ang mga kasapi ng panrehiyong pangkat na gumagawa ng pagpapasiya at maliwanag na tinututulan nila ang mga kaayusan sa gawain at ginugulo ang gawain ng bahay ng Diyos, dapat

itong maiulat sa pastoral na pangkat na gumagawa ng pagpapasiya. Kung ipinagtatanggol pa rin sila ng pastoral na pangkat na gumagawa ng desisyon sa halip na nilulutas ang problema, kung gayon dapat maitala ang sitwasyon sa mga nakasulat na dokumento at iulat sa Itaas sa pamamagitan ng pook sapot. Dagdag pa, maaari ring magpatibay ng mga hakbang upang alisin ang huwad na mga pinuno at mga manggagawa sa pamamagitan ng magkasamang pagpapaalis. Ang prinsipyo para sa pagpapatupad ng isang magkasamang pagpapaalis ay, dapat ang mga pinuno at mga manggagawa na nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu sa iba't ibang antas ang mangasiwa ng nakaukol na pagkilos para pagbawalan ang lahat ng huwad na mga pinuno at mga manggagawa, at ang mga anticristo. Halimbawa, kung walang gawain ng Banal na Espiritu ang mga kasapi ng pastoral na pangkat na gumagawa ng pagpapasiya, ang ibang mga kasapi ng pastoral na pangkat na gumagawa ng pagpapasiya o mga kasapi ng pangkat ng gawain na nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu ay dapat magkasundo sa mga pagkilos upang alisin sila. Kung hindi nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu ang mga kasapi ng panrehiyong pangkat na gumagawa ng pagpapasiya, ang ibang mga kasapi ng panrehiyong pangkat na gumagawa ng pagpapasiya o dalawa o tatlong mga panrehiyong tagapag-ugnay na mayroong gawain ng Banal na Espiritu ay dapat magkasundo sa mga pagkilos upang alisin sila. Kung hindi nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu ang isang pinuno ng distrito, dapat na magkasundo sa pagkilos ang dalawa o tatlong ibang mga pinuno at mga manggagawa ng distrito upang alisin ang pinuno ng distrito na iyon. Kung hindi nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu ang mga panrehiyong tagapag-ugnay o mga tagapangaral ng distrito, maaari silang direktang italagang muli ng panrehiyong pangkat na gumagawa ng pagpapasiya o ng mga pinuno ng distrito. Kapag nag-aalis ng huwad na mga pinuno at mga manggagawa na hindi nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu, kailangang matiyak ng wasto at walang anumang pagkakamali kung gaano karami ang mga nagawa nilang masasamang kilos at kung paano iniulat ang mga ito ng hinirang na mga tao ng Diyos. Dapat na

paalisin lamang, ngunit tratuhin pa rin na mga kapatid ang huwad na mga pinuno at mga manggagawa na may mas mahusay na pagkatao, ngunit hindi nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu. Kung masasamang taong babad sa mabigat na pagkakasala ang huwad na mga pinuno at mga manggagawa, dapat silang makilatis ayon sa kalubhaan ng kanilang masamang pag-uugali upang mapagpasiyahan kung dapat silang itiwalag o hindi. Bilang karagdagan, bago gumawa ng mga pagkilos upang pagbawalan ang sinumang huwad na mga pinuno at mga manggagawa at mga anticristo, kailangan munang mangasiwa ng pagsisiyasat upang matukoy ang kalikasan ng problema at malinawan kung ang mga taong pinag-uusapan ay nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu o hindi, at kung ang mga partidong kasangkot ay maaaring ikategorya bilang mga huwad na pinuno, mga huwad na manggagagawa, o mga anticristo o hindi. Bukod doon, dapat na mapangasiwaan ang mga pag-uusisa at mga pagsisiyasat kasama ang kanilang mga kasamahan sa gawain at mga kapatid na kanilang pananagutan, upang maunawaan ang mga detalye tungkol sa kanilang masasamang gawa at pagtutol laban sa Diyos. Kailangan ding makagawa ng listahan ng kanilang masasamang gawa, at mapatotohanan ng maraming mga tao upang maipakita na kapani-paniwala ang katibayan. Makagagawa lamang ng mga pagkilos kapag napatotohanan ng karamihan ng mga taong nakakakilala sa kanila ang katibayan. Kailangang gawin nang may pag-iingat, hinahon, at karunungan ang anumang pagkilos, at kailangan ding mapili ang nararapat na mga pagkakataon; talagang hindi ito kailanman maaaring gawin sa ilalim ng kasalungat na mga kalagayan. Sa kabila ng kinaroroonan, hangga’t mayroong huwad na mga pinuno at mga manggagawa at mga anticristo, ganito sila maaaring pakitunguhan. Ito ang utos ng Diyos at ang pahintulot ng taong ginamit ng Banal na Espiritu. May karapatan ang lahat ng mga pinuno at mga manggagawa na nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu na gumawa ng pagkilos laban sa huwad na mga pinuno at mga manggagawa at mga anticristo, ang batayan ay ang kaligtasan at ang katiyakan na hindi magugulo ang buhay iglesia ng hinirang na mga tao ng

Diyos. Ito ay totoong mabuting gawa at tunay na kilos ng katwiran.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

68. Ang Mga Prinsipyo ng Paglinang at Pagkasangkapan sa Mga Tao

(1) Kinakailangang ihalal at linangin bilang mga lider at manggagawa ang mga taong mabubuti ang kakayahan, nagmamahal sa katotohanan at makatarungan. Pakinabang sa gawain ng iglesia ang paggawa nito;

(2) Ang mga taong, napalitan na noon, totohanang nagsisisi at pagkaraan nito'y may kakayahan nang gumawa ng praktikal na gawain, ay maaaring muling ihalal, muling tumaas sa posisyon, at kasangkapanin;

(3) Ang isa o dalawang taon na mga baguhang mananampalataya, hangga't mayroon silang mabuting pagkatao at kakayahan, nagmamahal sa katotohanan, at kumuha ng mga pasanin, ay maaaring agarang linangin at kasangkapanin;

(4) Ang mga taong hindi masasama, sa kabila ng kanilang mga mapagmataas, mapagmagaling na disposisyon, ay dapat linangin at kasangkapanin, hangga't may mabubuti silang kakayahan at matatanggap nila ang katotohanan.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Mula pa sa simula ng gawain Niya sa buong sansinukob, ang Diyos ay nagtalaga na ng maraming tao upang paglingkuran Siya, kabilang ang mga tao mula sa iba't ibang kalagayan sa buhay. Ang layunin Niya ay tuparin ang Kanyang sariling kalooban at tiyaking ang Kanyang gawain sa daigdig ay maisasakatuparan nang maayos; ito ang layunin ng Diyos sa pagpili ng mga tao na maglilingkod sa Kanya. Dapat maunawaan ng bawat taong naglilingkod sa Diyos ang kalooban Niya. Sa pamamagitan ng Kanyang gawaing ito, mas nakikita ng mga tao ang karunungan ng Diyos at ang Kanyang kapangyarihan na higit sa lahat, at ang mga prinsipyo ng Kanyang gawain sa lupa. Ang Diyos ay tunay na dumating sa lupa upang

gawin ang Kanyang gawain, makipag-ugnayan sa mga tao, upang mas malinaw nilang malaman ang Kanyang mga gawa. Ngayon, kayo, itong grupong ito ng mga tao, ay mapalad na nakapaglilingkod sa tunay na Diyos. Ito ay hindi matuos na pagpapala para sa inyo—tunay ngang itinatag kayo ng Diyos. Sa pagpili ng isang tao na maglilingkod sa Kanya, ang Diyos ay laging may sariling mga prinsipyo. Ang paglilingkod sa Diyos ay hindi nangangahulugan, gaya ng naiisip ng tao, na ito ay tungkol lamang sa pagkakaroon ng sigasig. Ngayon nakikita ninyo na ang sinumang naglilingkod sa presensiya ng Diyos ay ginagawa ito dahil nasa kanila ang patnubay ng Diyos at gawa ng Banal na Espiritu, at dahil sila ang mga taong naghahanap ng katotohanan. Ang mga ito ang pinakamababang kondisyon para sa lahat ng nagsisilbi sa Diyos.

Hinango mula sa “Kailangang Ipatigil ang Pagsamba sa Relihiyon” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Bilang mga pinuno ng iglesia, dapat ninyong matutuhan kung paano tumuklas at luminang ng talento, at hindi mainggit sa mga taong may talento. Sa ganitong paraan, kasiya-siyang magagampanan ang inyong tungkulin, at matutupad ninyo ang inyong pananagutan; magagawa rin ninyo ang inyong buong makakaya upang maging matapat. Takot palagi ang ilang tao na maging mas sikat sa kanila ang iba at mahigitan sila, na nagtatamo ng pagkilala habang sila naman ay kinaliligtaan. Dahil dito, inaatake at ibinubukod nila ang iba. Hindi ba ito isang kaso ng pagkainggit sa mga taong mas may kakayahan kaysa sa kanila? Hindi ba makasarili at nakasusuklam ang ganitong pag-uugali? Anong klaseng disposisyon ito? Masama ito! Sarili lang ang iniisip, sariling mga hangarin lamang ang binibigyang-kasiyahan, walang konsiderasyon sa mga tungkulin ng iba, at iniisip lamang ang sariling mga interes at hindi ang mga interes ng bahay ng Diyos—ang ganitong klaseng mga tao ay may masamang disposisyon, at hindi sila mahal ng Diyos. Kung talagang kaya mong bigyan ng konsiderasyon ang kalooban ng Diyos, magagawa mong tratuhin nang patas ang ibang mga tao. Kung binibigyan mo ng rekomendasyon ang

isang tao, at nagkaroon ng talento ang taong iyon, at sa gayo'y nagdadala ka ng isa pang taong may talento sa bahay ng Diyos, hindi ba nagawa mo nang maayos ang iyong gawain? Hindi ba naging tapat ka sa pagganap sa iyong tungkulin? Magandang gawa ito sa harap ng Diyos, at ganitong klaseng konsiyensya at katwiran ang dapat taglayin ng mga tao. Yaong mga may kakayahang magsagawa ng katotohanan ay makakayang tanggapin ang pagsisiyasat ng Diyos sa paggawa ng mga bagay. Kapag tinatanggap mo ang pagsisiyasat ng Diyos, naitutuwid ang puso mo. Kung gumagawa ka lamang ng mga bagay para makita ng iba at hindi tinatanggap ang pagsisiyasat ng Diyos, kung gayon, nasa puso mo pa ba ang Diyos? Ang mga taong tulad nito ay walang paggalang sa Diyos. Huwag kang laging gumawa ng mga bagay para sa sarili mong kapakanan at huwag mong palagiang isaalang-alang ang iyong mga sariling interes; huwag isipin ang iyong sariling katayuan, katanyagan, o reputasyon. Huwag mo ring isaalang-alang ang mga interes ng tao. Kailangan mo munang isipin ang mga interes ng tahanan ng Diyos, at unahin ang mga iyon. Dapat mong isaalang-alang ang kalooban ng Diyos at magsimula sa pamamagitan ng pagmumuni-muni kung ikaw ay naging dalisay o hindi sa pagtupad mo sa iyong tungkulin, kung nagawa mo ang lahat ng iyong makakaya upang maging matapat, nagawa ang lahat ng iyong makakaya upang matupad ang iyong mga pananagutan, at naibigay ang lahat mo, gayundin kung buong-puso mo nang naisaisip o hindi ang iyong tungkulin at ang gawain ng tahanan ng Diyos. Kailangan mong isaalang-alang ang mga bagay na ito. Isipin mong madalas ang mga ito, at magiging higit na madali sa iyong gampanan nang maayos ang iyong tungkulin. Kung mahina ang iyong kakayahan, mababaw ang iyong karanasan, o hindi ka bihasa sa iyong mga propesyunal na gawain, kung gayon ay maaaring may ilang pagkakamali o kakulangan sa iyong gawain, at maaaring hindi maging napakaganda ng mga resulta–nguni't naibuhos mo na ang iyong buong pagsisikap. Kapag hindi mo iniisip ang iyong mga makasariling paghahangad o isinasaalang-alang ang iyong mga pansariling interes sa mga bagay na ginagawa mo, at sa halip ay nagbibigay ng palagiang

pagsasaalang-alang sa gawain ng tahanan ng Diyos, taglay sa isip ang mga kapakanan nito, at ginagampanan nang mahusay ang iyong tungkulin, makakaipon ka, kung gayon, ng mabubuting gawa sa harap ng Diyos. Ang mga taong gumaganap sa mabubuting gawang ito ay yaong mga may angking katotohanang realidad; sa gayon, mayroon silang patotoo. Kung lagi kang namumuhay ayon sa laman, laging binibigyang-kasiyahan ang iyong mga makasariling paghahangad, kung gayon ay walang angking buhay realidad ang mga ganoong tao; ito ang tatak ng pagdadala ng kahihiyan sa Diyos.

Hinango mula sa "Ipagkaloob ang Iyong Tunay na Puso sa Diyos, at Makakamit Mo ang Katotohanan" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sa katunayan, sa kalipunan ng maraming tao sa bahay ng Diyos, ang ilan ay may mga natatanging kasanayan, at ang ilan ay may bahagyang kapintasan subalit nagagawa pa rin nilang makatupad ng mga partikular na tungkulin. Naaangkop sila para tumupad ng tungkulin, naaayon sila sa mga prinsipyo para sa mga tumutupad ng tungkulin—subalit paano naman kaya sa paningin ng mga anticristo? Ano ang pinaniniwalaan nila? "Papahiran ko ba ng buhangin ang aking mga mata? Nais mong magkaroon ng gampanin sa aking grupo, upang makipagpaligsahan sa akin. Imposible iyon, ni huwag mong isipin ito. Mas may kakayahan ka kaysa sa akin, mas matatas kang magsalita kaysa sa akin, mas may-pinag-aralan kaysa sa akin, at mas sikat kaysa sa akin. Anong gagawin ko kung nakawin mo ang mga pinaghirapan ko at angkinin iyon? Nais mong gumawa akong kasama mo? Ni huwag mong isipin ito!" Isinasaalang-alang ba nila ang interes ng bahay ng Diyos? Hindi. Ang iniisip lamang nila ay tungkol sa kung maiingatan ba ang kanilang sariling katayuan, kaya mas nanaisin pa nilang pinsalain ang mga interes ng bahay ng Diyos kaysa gamitin ang mga taong ito. Ito ay pagbubukod. Dagdag pa rito, nililinang nila ang mga mahihina ang ulo na walang anumang abilidad, mga taong walang-kakayahan, madaling utus-utusan, madaling pasunurin, at mangmang, mga taong kapos sa malinaw na pagkaunawa, mga hindi nag-iisip sa kanilang sarili, mga hindi

nauunawaan ang katotohanan—sila lamang ang nililinang nila. May kasabihan ang mga hindi mananampalataya: “Mas gugustuhin ko pang akayin ang kabayo ng isang tunay na tao, at hawakan ang kanyang mga estribo para sa kanya, kaysa maging ninuno ng isang taong batugan.” Subalit eksaktong kabaligtaran nito ang mga anticristo: Sila ang magiging ninuno ng mga batugang ito. Hindi ba ito kahayagan ng kawalang-kakayahan? Halimbawa, nagbabanggit sila ng isang taong hindi mapagmataas, at nakapag-aambag. Kapag tinatanong mo sila kung kumusta naman ang pag-unawa ng taong ito sa katotohanan, sinasabi nila, “Katanggap-tanggap naman nilang nauunawaan ito, may kaunti silang kakayahan.” Sa katunayan, ang taong ito na nabanggit nila ay nagtatago kapag nakakasagupa sila ng isang maliit na usapin, wala silang pananampalataya. Sa kalipunan ng gayong mga tao, may mga taong hindi nauunawaan ang katotohanan, mga hindi nakakaunawa ng mga bagay na espirituwal, mga laging nagrereklamo nang sarilinan, at mga laging nagkakamali. Sila’y isang kumpol ng mga mahihina ang ulo, ang mga anticristo ang kanilang mga ninuno, at sila ang mga nililinang nila. Ang mga taong ito ang siyang malamang na linangin ng mga anticristo kapag naging “mga lider” sila sa bahay ng Diyos, at bunga nito, hindi ba naaantala ang gawain ng bahay ng Diyos? Wala silang pagtingin sa mga taong may kaunting kakayahan, mga taong nagagawang maunawaan nang bahagya ang katotohanan, mga taong hinahanap ang katotohanan, mga taong nagsasagawa ng ilang katotohanan, at makagagawa ng gawain ng bahay ng Diyos. Bakit ganoon? Hindi nila kailanman magiging mga alipin at tagasunod ang gayong mga tao, hindi sila kailanman susunod sa kanila, kaya lumilinang sila ng isang kumpol ng mga taong hangal, mahiyain, mangmang, tanga, mabagal, at mga walang sariling pag-iisip—ganito ang uri ng basura na nililinang nila. Kapaki-pakinabang ba ang ganitong paraan ng pagkilos para sa gawain ng bahay ng Diyos? Hindi. At pinag-iisipan ba nila ito? Tungkol saan ang iniisip nila? “Naghahanap ako ng kahit sinong makakatrabaho ko at makakasundo ko, sinumang maipararamdam sa akin na may-kabuluhan ako, at mapapalutang ang halaga ko.” Ang kapanalig

nila ay isang kumpol ng mga mahihina ang ulo na hindi nakakaunawa ng mga bagay na espirituwal. Walang sinuman sa kanila ang naghahanap sa katotohanan kapag nakakasagupa sila ng suliranin, walang sinuman sa kanila ang nakakaunawa sa katotohanan, walang sinuman sa kanila ang humaharap sa mga bagay nang ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Gayunman, may isang bagay na nagugustuhan ang mga anticristo sa kanilang sarili: Kapag nakasasagupa ang gayong mga tao ng suliranin, hinahagilap nila ang mga anticristo at ginagawa ang kanilang mga sinasabi. Ito ang prinsipyo kung saan humahanap ang mga anticristo ng mga tao upang gumawang kasama nila. Humahanap sila ng isang kumpol ng mga mahihina ang ulo, isang tambak ng basura, upang gumawa at hagkan ang kanilang mga paa—at sa huli, nagkakaaberya ang ilan sa mga gawain ng bahay ng Diyos. Naaapektuhan ang mga interes ng iglesia at ang bilis ng gawain, subalit walang pakiramdam doon ang mga taong ito, at sinasabi pa nga, “Hindi ko naman responsibilidad lamang iyan.” Kung sinasabi ng lahat na hindi nila ito sariling responsibilidad, kung gayon kanino nga ba ito? Kung walang umaako ng responsibilidad kapag may nagaganap nang problema, ano pa punto ng pakikinig nila sa mga pangaral sa mga nagdaang taong iyon? Ang katunayan ay nasa harapan na mismo ng kanilang mga mata, subalit hindi pa rin nila nakikilala ang mga ito. Anong uri ng mga tao ang mga ito? Pinapatunayan nito na walang-kuwenta ang mga taong pinipili ng mga anticristo; hindi nila tinatanggap ang katotohanan. Sinasadya ng mga anticristo na makipagsanib-puwersa sa mga mahihina ang ulo, kahabag-habag, at walang-silbi na hindi tinatanggap at minamahal ang katotohanan. Inuudyukan nila silang gawin ang isang bagay, unti-unti nilang hinuhuli ang kanilang kalooban hanggang sa sila’y maging magkakasundo, sa matalik na paraan, at nagkakamabutihan sa isa’t isa. Ano ba ito? Hindi ba ito isang grupo ng mga anticristo? Kapag pinapalitan mo ang kanilang “mga ninuno,” tumututol ang kanilang mga tapat na supling, humahatol sila, at sinasabing hindi nagiging patas ang Kataas-taasan, at nagtitipun-tipon upang ipagtanggol sila. Sadyang masasamang tao lamang ba ang mga anticristo?

Ang ilang mga anticristo ay mapag-aksaya na walang anumang makabuluhang talento, ngunit may isang bagay tungkol sa kanila: ang kanilang natatanging pagkahilig para sa katayuan. Huwag mong isipin na dahil sa kawalan ng talento at kawalan ng pinag-aralan ay wala silang pagmamahal sa katayuan; mali iyon, at ipinapakita nito na hindi mo lubos na naunawaan ang diwa ng mga anticristo. Sinuman na isang anticristo ay nagmamahal sa katayuan. Sapagkat walang kakayahan ang mga anticristo na gumawang kasama ng sinuman, paano nila nagagawang luminang ng isang kumpol ng mga taong masasama at sipsip? Nais ba nilang gumawang kasama ng gayong mga tao? Kung tunay nga silang nakagawang kasama ng mga taong ito, lalabas na hindi totoo ang mga salitang iyon. Wala silang kakayahang gumawang kasama ng sinuman—at kabilang din sa "sinumang" iyon ang mga taong nililinang nila. Kaya't ano ang ginagawa nilang paglinang sa kanila? Lumilinang sila ng isang grupo na madaling utus-utusan at manipulahin, na hindi makapag-iisip sa kanilang sarili, na ginagawa ang anumang sabihin sa kanila, na gumagawang kasama nila upang protektahan ang kanilang katayuan. Magiging medyo mahirap, medyo mabusisi ang protektahan ang kanilang katayuan nang walang tulong, kaya't lumilinang sila ng gayong grupo ng mga tao—isang grupo na sa paningin nila ay ipinapalagay na mga "espirituwal" daw—na masayang nagtitiis ng paghihirap at nagagawang protektahan ang "mga interes ng bahay ng Diyos." Bawat isa sa kanila ay gumagawa ng maraming iba't ibang gawain, at nagpupunta sila sa mga anticristo upang magtanong o sumangguni sa tuwing nakasasagupa sila ng suliranin. Iniisip nila na ito ang ibig sabihin ng gumawang kasama ng mga tao. Subalit ganoon nga ba? Naghahanap sila ng isang kumpol ng mga tao upang utusan, upang ipagawa ang kanilang gawain, at upang patatagin ang kanilang katayuan. Hindi ito pakikipagtulungan—ito ay pagpapatakbo ng sarili nilang personal na operasyon.

Hinango mula sa "Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (8)" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Ang gawain ng paglinang at paggamit ng mga tao sa iglesia ay may direktang kaugnayan sa isyu ng pagpeperpekto ng Diyos sa mga tao. Dapat linangin at gamitin ng iglesia ang uri ng mga tao na maaaring gawing perpekto ng Diyos. Alam nating lahat na ang uri ng mga tao na pineperpekto ng Diyos ay yaong mga naghahanap sa katotohanan at may diwa ng katarungan. Sila yaong may nakakahimok na obligasyon at iniiwan ang lahat para tuparin ang tagubilin ng Diyos. Kaya nilang tapat na igugol ang kanilang mga sarili para sa Diyos; para masiyahan ang Diyos, handa silang pasanin ang mga paghihirap at magbayad ng halaga, at hindi sila naghahangad ng mga kasiyahan ng laman. Yaong mga kayang pasanin ang mga paghihirap sa pagsasakatuparan ng kanilang mga tungkulin at hindi natatakot sa mga kahirapan at panganib, yaong tanging hinahangad lang na tuparin ang tagubilin ng Diyos at pasiyahin ang Diyos, yaong hindi nagnanasa ng katayuan, kasikatan, pakinabang, at pisikal na kasiyahan; yaong mga kayang tanggapin na matabasan at mapakitunguhan kapag naghahayag sila ng katiwalian sa pagganap ng kanilang mga tungkulin, yaong mga kayang kilalanin ang kanilang mga sarili, kamuhian ang kanilang mga sarili, talikdan ang laman, at isagawa ang katotohanan; yaong mga kayang pagnilayan ang kanilang mga sarili at kilalanin ang kanilang mga sarili anumang mga isyu ang kaharapin nila o mga paglabag na kanilang magawa, yaong kayang hanapin ang katotohanan upang itama ang mga ito, at yaong kayang patuloy na igugol ang kanilang mga sarili para sa Diyos, at kumapit sa tagubilin ng Diyos at sa mga tungkuling dapat nilang gampanan—ang gayong mga tao ay makauunlad sa kanilang mga buhay. Sa pamamagitan ng patuloy na pagsasangkap ng katotohanan sa kanilang mga sarili, maiintindihan nila ang gawain ng Diyos at makapagdadala sila ng mga pagbabago sa kanilang mga disposisyon sa buhay. Habang lalo nilang pinagsisilbihan ang Diyos, mas lalo nilang maiintindihan ang kalooban ng Diyos; habang lalo silang nagsisilbi, mas lalo silang makapagsasagawa ng katotohanan; habang lalo silang nagsisilbi, mas lalo silang makapagpapasakop sa Diyos, hanggang sa

tuluyan na nilang kayang sumunod sa kalooban ng Diyos. Ito ang proseso kung saan ang isang taong nagsisilbi sa Diyos ay hinahanap ang katotohanan sa kanyang pagsisilbi, tinatanggap ang pagtatabas at ang mapakitunguhan, unti-unting binabawasan ang kanyang mga paglabag, at sa paglipas ng panahon ay nagiging isang taong angkop para gamitin ng Diyos. Ito rin ang praktikal na karanasan ng isang pineperpektong tao na pinagsisilbihan ang Diyos. Sa panahon ng matitinding pagdurusa, kung gagawin ng mga naglilingkod sa Diyos ang lahat ng kanilang makakaya upang hanapin ang katotohanan, tatanggapin nila ang gawain ng Banal na Espiritu. Tuloy-tuloy na lalalim ang kanilang karanasan sa buhay, magbabago ang kanilang mga disposisyon sa buhay, at gagawin silang perpekto.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Ang pagtukoy kung karapat-dapat bang linangin at kung magagamit ang isang tao ay pangunahing nakasalalay sa dalawang aspeto: Una, kailangang tingnan ng isang tao kung hinahanap o hindi ng taong iyon ang katotohanan, kung kaya ba niya o hindi na isagawa ang katotohanan, at kung nakapasok na ba siya o hindi pa sa realidad; pangalawa, kailangang malinaw na makita ng isang tao ang kanyang mga katangian sa kung ano ang mga iyon, kilalanin kung mayroon ba siyang normal na pagkatao o wala, kung nagtataglay ba siya o hindi ng konsensya at katinuan, kung anong klaseng tao siya at sa kung anong uri ng landas siya naroon. Ang paglinang at paggamit ng iglesia sa mga tao ay pangunahing nakasalalay sa kung hinahanap ba nila o hindi ang katotohanan; ito ang pinakamahalagang prinsipyo. Ito ay dahil maipapaliwanag ang maraming isyu ng kung hinahanap ba ng isang tao o hindi ang katotohanan; inihahayag nito kung ang landas na kanyang kinaroroonan ay iyong tama o iyong masama, kung ang kanyang pananampalataya sa Diyos ay praktikal o hindi, at kung anong uri ng katangian ang tinataglay niya. Kung siya ay tunay na isang taong hinahanap ang katotohanan, tiyak siyang

magtataglay ng medyo magandang pagkatao, tiyak siyang nasa tamang landas, at tiyak siyang magiging isang mabuting tao kung ikukumpara sa iba. Samakatuwid, paulit-ulit na binibigyang-diin ng bahay ng Diyos ang pangangailangang piliin at gamitin bilang mga lider yaong mga totoong naghahanap sa katotohanan; ito ay isang mahalagang usapin. Walang sinumang perpekto; ang lahat ng tao ay may kani-kanilang mga pagkukulang. Kapag nagsusuri ng isang tao, kailangan mong isaalang-alang ang mga pangunahing aspeto: Kung siya ba ay hinahanap o hindi ang katotohanan, may mahusay na kakayahan, desidido, at may diwa ng katarungan. Kung kayang hanapin ng isang tao ang katotohanan, maging ang pagkakaroon ng ilang maliliit na pagkukulang o paggawa ng ilang maliliit na paglabag ay hindi itinuturing na problema. Hangga't siya ay isang taong tunay na naghahanap sa katotohanan, maaaring malutas ang kanyang mga paglabag. Kapag nagsusuri ng isang tao, huwag pagtalunan ang maliliit na bagay o husgahan siya ayon sa kanyang itsura; dapat ninyong tingnan ang kanyang diwa. Ito ang mahalaga. Ang pinakamahalagang gawin ay ang humanap ng mga taong tunay na mahusay ang kakayahan, naghahanap sa katotohanan, at may kakayahang gumawa ng gawain; at pagkatapos, isaayos ang mga akmang lugar para sa kanila sa iglesia, at tustusan at linangin sila nang mabuti. Kapag ang mga lider at manggagawa ng iglesia sa lahat ng antas ay tumapak sa tamang landas ng pananampalataya sa Diyos, maaakay rin nila ang hinirang na mga tao ng Diyos papunta sa tamang landas.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Ang isa bang bagong mananampalataya na medyo mabuti ang pagkatao, pero hindi nauunawaan ang katotohanan o tinataglay ang katotohanang realidad, ay maaaring maging isang lider? Hindi. Ang pagiging isang lider ay tumatagal ng isang taon o higit pa. Ang mga taong naniniwala sa Diyos ay maaari lamang makaunawa ng ilang katotohanan sa oras na maranasan na nila ang Kanyang gawain sa loob ng isang taon o

higit pa. Kung madidiskubreng ang isang bagong mananampalataya na naniniwala na sa Diyos sa loob ng anim na buwan o isang taon ay may mabuting pagkatao at taimtim na hinahanap ang katotohanan, dapat siyang linangin at sanayin para tuparin ang kanyang tungkulin. Kung ang isang tao ay naniniwala na sa Diyos sa loob ng lima o anim na taon, o pito o walo, at medyo mabuti ang pagkatao at matapat at maayos ang pag-uugali pero pangkaraniwan lang ang kakayahan, dumalo na ng mga pagtitipon sa loob ng ilang taon pero hindi pa rin masyadong nauunawaan ang katotohanan, at nagtataglay ng kakaunting realidad, ang ganoong tao ba ay nababagay na maging isang lider? Kung masyado siyang kulang sa kakayahan, hindi niya mauunawaan ang katotohanan at magiging wala siyang kakayahang mamuno; ang pinakamalaki na niyang magagawa ay ang gampanan ang isang tungkulin sa isang aspeto o iba pa. Samakatuwid, ang mga taong nagsisilbing pinuno ay dapat na kayang maunawaan ang katotohanan, mahusay ang kakayahan, at may pangkaraniwang pagkatao man lang; bukod dito, dapat ay naniniwala na sila sa loob ng isa o dalawang taon, o marahil ay dalawa o tatlong taon, at siguradong makakapasok sa ilang mga katotohanang realidad. Ang mga ganitong tao lamang ang karapat-dapat na linangin. Kaya, paaano nalalaman kung ang isang tao ay may mahusay na kakayahan? Kung nagbabahagi ka sa kanya tungkol sa katotohanan, o kusa niyang kinakain at iniinom ang mga salita ng Diyos, at palagi siyang may kaalaman at nauunawaan niya ang katotohanan, at medyo sanay siya sa mga espirituwal na usapin at kaya niyang makaunawa sa oras na may ituro kang isang bagay sa kanya, kung gayon, siya ay may mahusay na kakayahan. Maraming tao na ang kakayahan ay hindi mahina; kapag nagbabahagi ka sa kanila tungkol sa katotohanan, naiintindihan nila, pero hindi pa rin nila tinatanggap ang katotohanan o isinasagawa ito. Ang mga gayong tao ba ay akma sa mga posisyon ng pamumuno? Talagang hindi. Karamihan sa mga lider at manggagawa na natanggal noong nakaraan ay medyo mahusay naman ang kakayahan, pero hindi isinagawa ng mga taong ito ang katotohanan, may mababa silang pagkatao, at masyado silang mapanlinlang; palagi silang huwad na nagpapatotoo at nanlilinlang

ng mga tao, at hindi sila nagtaglay ng kahit katiting na katotohanang realidad. Isa pa, anumang mga tungkulin ang kanilang ginagampanan, palagi nilang hinahaluan ng ibang bagay at ng kanilang mga sariling natatagong motibo. Kapag naatasan sila ng isang gawain na gagampanan para sa bahay ng Diyos, mas pipiliin nila minsan ang mga tagalabas sa halip na ang bahay ng Diyos, at aasa sa bahay ng Diyos para sa kanilang ikabubuhay habang palihim na tinutulungan iyong mga tagalabas. Walang mabuting pagkatao ang mga ganitong tao. Hindi sila tapat kung magsalita, gumagawa sila ng mga bagay na ikakabahala ng bahay ng Diyos, at mas gusto nilang ipahamak ang interes ng bahay ng Diyos alang-alang sa pansariling pakinabang. Silang lahat ang mga pinakamakasarili at pinakakasuklam-suklam na tao, at ang mga pinakamakasarili at pinakakasuklam-suklam na tao ay hindi naaangkop sa mga posisyon ng pamumuno o paggawa ng mga tungkulin. Hindi makakamit ng mga taong tulad nito ang kaligtasan. Ang isang tao ay dapat hanapin ang katotohanan, maging tapat, maging matuwid, magkaroon ng diwa ng katarungan, at mapanindigan ang mga katotohanang prinsipyo; saka lamang magiging karapat-dapat na linangin ang isang tao at akma na maging isang lider.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

69. Ang Mga Prinsipyo ng Paghihiwalay ng Iglesia sa Mga Grupong A at B

(1) Sinumang tao na hindi man lamang tinatanggap ang katotohanan, hindi bukal sa loob tumupad ng kanilang tungkulin, at may kakayahang makagambala sa buhay-iglesia ay dapat ilagay sa grupong-B ng kapisanan;

(2) Sinumang taong mapanlinlang na nasisiyahan sa pagtsitsismisan, pinag-aalit ang mga tao, at naghahasik ng kaguluhan ay mga masasamang tao, at dapat ilagay sa grupong-B ng kapisanan;

(3) Ang mga taong may malulubha o natatanging problema na, sa sandaling iyon, ay malalabo at hindi pa matukoy ang kanilang mga diwa ay dapat ilagay sa grupo-B ng kapisanan;

(4) Dapat alisin o itiwalag ang mga anticristo, masasamang tao, at hindi mananampalataya, samantalang ang mga inilagay naman sa grupo-B ay binibigyan ng pagkakataong makapagsisi, at matubos.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

May ilang tao sa iglesia na naitalaga na sa Pangkat B. Ito ay upang bigyan sila ng pagkakataong magsisi. Kung magagawa nilang makibagi sa ilang pagninilay sa sarili at makikilala ang kanilang sarili, at kung hinahangad nila ang katotohanan at may nagsisising pag-iisip, hindi na gumagawa ng masama tulad ng dati, hindi na nagiging sanhi ng pagkagambala at mga kaguluhan, at bahagyang napipigil ang kanilang mga sarili; kung nagagawa nila ang sinasabi sa kanila at nagpapasakop, umaasal nang maayos, ginagawa ang anumang magagawa nila, at napaninindigan ang mga prinsipyong ito, sa gayon ay hindi na sila ilalagay sa Pangkat B at maaaring tanggapin muli sa Pangkat A upang tuparin ang kanilang mga tungkulin. Bakit inilipat ang karamihan sa kanila sa Pangkat B? (Dahil sa pagiging sanhi ng pagkagambala at mga kaguluhan.) Ano, kung gayon, ang pinagmumulan ng kanilang paggambala at mga kaguluhan? Dahil ba sinasadya nilang balakin na maging sanhi ng pagkagambala at mga kaguluhan? Hindi—una sa lahat, ito ay dahil hindi nila isinasagawa ang katotohanan kahit na kaunti, at hindi rin nila hinahangad ang katotohanan. Lubhang napakasama ng kanilang pagkatao, at sa proseso ng pagtupad ng kanilang mga tungkulin, madalas silang nagiging sanhi ng pagkagambala at mga kaguluhan at sumisira sa gawain ng tahanan ng Diyos, na humahantong sa mga kahihinatnan at nagbubunga ng nakapipinsalang mga impluwensya; na wala nang ibang mapagpipilian kundi ilaan sila sa Pangkat B. Ito ang dahilan. Bagaman hindi nila alam ang kahulugan ng tungkulin, kahit papaano, alam nila, sa kaibuturan, na dapat gawin ng sinuman ang kanyang tungkulin—at pumapayag silang gawin iyon. Gayunpaman, ang pagpayag bang tumupad sa kanyang tungkulin ay nangangahulugang isinasagawa niya ang katotohanan? Ang iyong kalooban ay hindi katotohanang realidad; masasabi lang na taglay mo ang isang taos-pusong pagpayag na isagawa

ang katotohanan. Bago maisagawa ang katotohanan, maaari mong sabihin kung gaano ka katiwala, na nakahanda at pumapayag ka, o na makakaya mong isakripisyo ang iyong buhay at tatawirin ang malakas na agos at lalakad sa apoy nang walang pag-aatubili—subalit ang mga ito ay pawang mga sawikain lang, at walang silbi ang mga ito. Dapat kang kumilos nang naaayon sa katotohanang prinsipyo, gamit ang iyong kalooban bilang iyong saligan. Maaari mong sabihing, “Hindi ko masyadong gusto ang katotohanan, at hindi pa talaga nagbago ang aking disposisyon sa pagtupad ko sa aking tungkulin. Hindi ko pa rin hinangad ang katotohanan. Gayunpaman, may isang bagay na mahigpit kong pinanghawakan: Anuman ang ipagawa sa akin, gagawin ko; hindi ako magiging sanhi ng pagkagambala o mga kaguluhan. Hindi ko kayang magpasakop, ngunit gagawin ko ang sinasabi sa akin.” Maaari kang manatili kung gayon sa Pangkat A, hindi ba? Gayunpaman, hindi man lang nga nila matugunan itong pinakamaliit sa mga kinakailangan, at nagiging sanhi sila ng mga kaguluhan. Hindi dapat manatili sa Pangkat A ang gayong mga tao. Sinumang makatwirang tao na may konsensya ay ituturing ang ganitong uri ng tao nang may saloobin ng pagtalikod.

Hinango mula sa “Ano ang Sapat na Pagtupad ng Tungkulin?” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Nagtataglay ng iba’t ibang uri ng mga tao ang bawat iglesia: Mayroong yaong minamahal at kayang tanggapin ang katotohanan, at yaong hindi minamahal ang katotohanan, na kinamumuhian ito; Mayroong yaong masayang ginagampanan ang kanilang tungkulin, at yaong hindi talaga ginagampanan ang kanilang tungkulin; Mayroong yaong wagas ang pag-unawa sa mga salita ng Diyos at na may mabuting kakayahan, at mayroong yaong katawa-tawa ang pag-unawa sa mga salita ng Diyos, at na walang kakayahan; mayroong yaong may mabuting pagkatao na katamtamang banal at disente, at mayroong yaong may hindi mabuting pagkatao na baluktot, mapanlinlang, at hindi inaasikaso ang kanilang

wastong gawain; mayroong yaong tunay na nananampalataya sa Diyos at nagugutom at nauuhaw para sa katuwiran, at mayroong yaong nagkikimkim ng layuning makatanggap ng mga pagpapala, na tusong ipinilit ang mga sarili sa iglesia para lamang maglaro; mayroong yaong tunay na hinahangad ang katotohanan at sinusunod ang gawain ng Diyos, at mayroong yaong kinamumuhian at kinapopootan ang katotohanan, na inilalagay ang kanilang mga sarili salungat sa Diyos sa bawat pagbaling. Pangkaraniwan sa bawat iglesia ang gayong mga totoong kalagayan. Kung magdaraos ng pagtitipon ang iba't ibang uri ng mga tao na ito at magkakasamang tatahakin ang buhay ng iglesia, malamang na mananaog sa kaguluhan ang buhay iglesia; wala itong maaaring maidulot na mabuti. Upang masiguro na makatatamasa ng normal na buhay iglesia ang lahat ng tunay na nananampalataya sa Diyos at minamahal ang katotohanan, at normal na makakakain at makakainom ng mga salita ng Diyos, mapagmumuni-munihan ang mga salita ng Diyos, makapagsasalamuha tungkol sa mga salita ng Diyos, at makakamit ang pag-unawa sa katotohanan at makapasok sa realidad, pinagpasiyahan ng bahay ng Diyos na kailangang hatiin ang pagtitipon sa mga grupong A at B. Masisiguro nito na normal na makapagpapatuloy ang buhay iglesia at magkakaroon ng matibay na mga epekto, at na makaaapak sa tamang landas ng pananampalataya sa Diyos sa lalong madaling panahon ang mga hinirang ng Diyos at maililigtas at magagawang perpekto. Maliwanag na ganap na kailangan para sa pagtitipon na mahati sa mga grupo A at B.

Malinaw sa lahat ng mga hinirang ng Diyos na inililigtas lamang ng gawain ng Diyos ang yaong mga tunay na nananampalataya sa Diyos, minamahal ang katotohanan, at may taglay na pagkatao; totoo ito. Kaya, ilang mga tao lamang sa bawat iglesia ang maaaring mailigtas. Samantala, tiyak na hindi maililigtas yaong mga walang pagmamahal para sa katotohanan, at hindi kusang ginagampanan ang kanilang tungkulin. Kung kaya, hindi naaangkop para sa dalawang uri ng mga tao na ito na pagsamahin sa panahon ng pagtitipon. Dahil magkakaiba ang tinatahak nilang mga landas, at walang kahit anong panlahat na wika, tiyak na

magkakaroon ng sigalot at mga alitan sa pagitan nila, na makakaapekto sa buhay iglesia at walang pakinabang sa sinuman; kung hahatiin sa mga grupo A at B ang dalawang uri ng mga tao na ito ay saka lamang sila hindi magkakaroon ng epekto sa isa't isa. Mga katotohanan ang mga ito na hindi maitatanggi ng sinuman. Ipinaliwanag sa ibaba ang mga pangunahing prinsiyo at pamantayan para sa paghihiwalay sa mga grupo A at B:

1. Ang lahat ng mga nanampalataya sa Diyos sa loob ng mga ilang taon subalit hindi alam kung paano wastong kumain at uminom ng mga salita ng Diyos, na hindi kailanman naghangad o nagsalamuha tungkol sa katotohanan, na wala ni katiting na interes sa katotohanan, na hindi nauunawaan ang katotohanan kahit paano man ito ipagsalamuha, na walang tinataglay na mga kakayahang pang-intindi at madalas na nagdudulot ng mga pagkaabala at mga pagkagambala, na nakikisali sa mga masasama sa pagsisimula ng gulo—kailangan silang ihiwalay papunta sa Grupo B.

2. Ang lahat ng hindi kailanman ginustong gampanan ang kanilang tungkulin, at na hindi masunurin kahit na ginawa nila, na gumagawa ng lahat ng uri ng kahalayan, at malimit na nagdudulot ng mga suliranin para sa iglesia, at nagdudulot ng higit na kawalan kaysa sa halaga ng kanilang naiambag—kailangan silang ihiwalay papunta sa Grupo B.

3. Ang lahat ng hindi mabuti ang pagkatao, ay higit na baluktot, mapanlinlang, makasarili, at walang-dangal, na hindi nagiging bukas sa sinuman, na nakikipagkapatiran sa mga masasama, na gustong nakikipaglaban sa iba, na nang-aapi ng matapat—ang mga ito ang masasama, ang mga kabayo na sumisira sa buong kawan, at kailangan silang ihiwalay papunta sa Grupo B.

4. Ang lahat ng higit na mapagmataas at palalo, na walang katinuan at hindi nakikinig sa sinuman, na talagang hindi tinatanggap ang katotohanan, lalong hindi ang pakikitungo at pagtatabas, na ni hindi tinatablan ng katuwiran, na palaging may kuro-kuro tungkol sa gawain ng bahay ng Diyos, na nagkikimkim ng poot sa taong ginamit ng Banal na Espiritu at maaaring magpasa ng paghatol sa kaniya, at na kauri ng mga anticristo—

kailangang agad na direktang maitiwalag ang mga taong ito. Kailangang mailagay sa Grupo B yaong mga hindi madaling makilala; sa sandaling malaman na ito nang tiyak, sila ay ititiwalag.

Kailangang mailagay sa Grupo B ang lahat ng nagpapakita ng apat na mga pagpapamalas na nasa itaas. Bilang karagdagan, kailangang mailagay sa Grupo B ang mga huwad na pinuno at mga huwad na manggagawa na talagang hindi hinahanap ang katotohanan, at sutil na tinatahak ang landas ng mga anticristo. Ang lahat ng mga naaresto at naging Hudas, o na nagnakaw ng mga handog at hindi nagsisi, ay kailangan ding mailagay sa Grupo B habang nasa panahon ng pagsangguni bago ang opisyal na pangangasiwa. Ang mga ito ang maliwanag na mga atas administratibo at pagsasaayos ng bahay ng Diyos, at ipinagbabawal ang paglabag ng sinumang indibidwal sa mga ito.

Habang kumakalat ang ebanghelyo ng kaharian, palaging may dagsa ng mga bagong dating sa iglesia, ilan sa kanila ay tiyak na hindi naaangkop sa Grupo A. Dapat sumailalim ang mga taong ito sa panahon ng obserbasyon bago sila mailaan sa isang grupo batay sa kung ano ang lumitaw sa kanila. Kailangang mailagay sa Grupo B at mabigyan ng pagkakataon na magsisi yaong may hindi mabuting pagkatao at walang pagmamahal para sa katotohanan, na katawa-tawa ang pag-unawa sa mga salita ng Diyos, at na nagdudulot ng mga pagkaabala at mga pagkagambala sa iglesia. Makabubuti ito hindi lamang para sa gawain ng iglesia, kung hindi maging sa mga kasapi nito. Walang pag-aalinlangan, hindi maililigtas ang karamihan sa mga taong nasa Grupo B, na higit sa lahat ay dahil hindi nila minamahal ang katotohanan, talagang hindi hinahanap ang katotohanan, at lahat ay may hindi mabuting pagkatao at walang kakayahang pakisamahan ang iba. Gayunman, may maliit na bilang sa kanila na maaaring magising sa hinaharap at magsimulang hanapin ang katotohanan, at may kakayahang maghanda ng ilang mabubuting gawa; may pag-asa pa ang mga taong ito na mailigtas.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Kailangang mailagay sa Grupo B ang lahat ng mga huwad na pinuno at mga huwad na manggagawa na gumagawa ng lahat ng uri ng masasamang gawa at nagdudulot ng malubhang kaguluhan sa gawain ng iglesia, bagama't tila inaamin nila ang kanilang mga pagkakamali at taos na nagsisisi, hindi makumpirma ang tunay nilang pagsisisi. Kailangang mailagay din sa Grupo B ang mga huwad na pinuno at mga huwad na manggagawa na ang marami at magkakaibang masasamang gawain at mga pagkagambala sa gawain ng iglesia ay humantong sa kanilang pagkakapalit. Sa kundisyon na hindi sila nagpapakita ng anumang lantarang masamang pag-uugali, lalong hindi pumupukaw ng matinding poot ng mga tao, ang mga pinuno at mga manggagawa na napalitan o nagbitiw dahil wala silang gawain ng Banal na Espiritu at walang kakayahang gumawa ng tunay na gawain, at katamtamang mabuti ang pagkatao, ay kailangang mailagay sa Grupo A sa panahon ng pagtitipon; makatarungan at makatwiran ito. Ang lahat ng hindi mabuti ang pagkatao at madalas na nagdudulot ng mga pagkagambala sa buhay ng iglesia, na nagpapalaganap ng mga kamalian, pagsalungat, mga kuro-kuro, at mga sabi-sabi, na maaaring magdulot ng mga insidente at makisali sa panggugulo – kailangan silang mailagay sa Grupo B. Ang mga taong maaaring nasa panganib dahil pinagsumbongan, o nasa ilalim ng obserbasyon, kabilang ang ibang mga natatanging kaso, ay kailangang magtipon mag-isa, o kasama ang ibang nasa katulad na mga kalagayan para sa mga pangseguridad na dahilan (habang nananatili sa grupo A). Inaasahan na mauunawaan ng mga tao na para ito sa pakinabang ng iglesia. Kung, pagkatapos ng isa o dalawang taon ng pagtitipon, tunay na nagsisi ang mga tao sa Grupo B, at kayang ipagsalamuha ang katotohanang realidad, maaari silang tanggapin sa Grupo A. Sa panahon ng mga halalan, makalalahok lamang ang mga taong nasa Grupo B sa pagpili ng pinuno ng pangkat at pinuno na magpapalaganap ng ebanghelyo ng grupo B. Hindi sila karapat-dapat na maipasok sa boto para maging mga pinuno ng iglesia at mga diyakono. Hahantong sa kanilang pagkatiwalag ang anumang karagdagang pagkagambala o hindi

makatarungang panggugulo ng mga kasapi ng Group B. Kailangang hindi magkasamang magdaos ng pagtitipon ang Grupo A at Grupo B. Kinikilalang katotohanan na kung gagawin nila ito, hindi magiging mapayapa kailanman ang mga hinirang ng Diyos, ni hindi magiging positibo ang buhay iglesia. Para sa mga taong may hindi pangkaraniwang mga suliranin na hindi madaling makilala, ang kanilang pagkalagay sa grupo ay dapat batay sa kung sila ay may mabuting pagkatao at kung minamahal nila ang katotohanan. Kung hindi maliwanag kung mayroong gawain ng masasamang espiritu sa kanila o pinaghaharian sila ng mga demonyo, hindi sila kailangang maitiwalag, subalit ilagay lamang sa Grupo B hanggang mabigyang linaw ito ng obserbasyon.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Kailangang mahati sa A at B na mga grupo ang bawat iglesia, at dapat itong ipatupad ng lahat ng mga iglesia. Ang paghihiwalay ay kailangang batay sa mga prinsipyong pinagpasiyahan ng mga pagsasaayos ng gawain. Kung tunay na nagsisi ang mga tao sa Grupo B, ay may kakayahang masigasig na gampanan ang kanilang tungkulin nang walang reklamo, at kayang sundin ang gawain ng Diyos, maaaring tanggapin silang muli sa Grupo A. Kung madalas na nagdudulot ng mga pagkagambala sa buhay ng iglesia at nagdudulot ng walang katwirang gulo ang mga tao sa Grupo A, maaari silang ilaan sa Grupo B anumang oras—subalit kailangan itong mapahintulutan ng higit sa kalahati ng mga kasapi ng iglesia. Ang gawain ng paghihiwalay sa A at B na mga grupo ay kailangang matukoy sa pamamagitan ng pagsasalamuha sa pagitan ng mga pinuno ng iglesia at mga diyakono bago mapahintulutan ng iglesia. Kailangang mailagay sa Grupo B ang lahat ng mga tao na may malubha o pambihirang mga suliranin, kung saan hindi agad malinaw ang nasabing mga suliranin at hindi matukoy ang diwa ng mga suliranin. Mabuti man o masama ang kanilang pagkatao, kailangang mailagay sa Grupo A ang lahat ng mga nahalal bilang mga pinuno ng iglesia at mga diyakono o

sinong gumaganap ng natatanging tungkulin.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

70. Ang Mga Prinsipyo ng Pagtanggap sa Mga Tao sa Isang Iglesia

(1) Walang sinumang maaaring tanggapin sa isang iglesia nang walang ibinibigay na pangako ng pagtatalaga, na isinulat mismo ng aplikante, at nang wala pang pahintulot na natatanggap mula sa mga lider at diakono ng iglesia para sa kanilang aplikasyon.

(2) Hindi dapat tanggapin kailanman ng iglesia bilang bagong kaanib nito ang isang masama o mapanlinlang na tao, ni ang mga taong ang kaanyuan ay may nakakatakot, pangit na aspekto at hindi marangal ni kaaya-ayang tingnan;

(3) Kapag dati nang tinanggihan ng isang tao ang pag-anib sa iglesia kapalit ng mga makamundong kalayawan, hindi sila maaaring tanggapin hangga't hindi sila totohanang nakapagsisi at hindi pinatutunayan ng ilang bilang ng mga tao;

(4) Ang mga naaresto at naisulat ang "tatlong pahayag," subalit disente ang pagkatao at nagpapakita ng pagsisisi, ay maaaring muling tanggapin sa kapahitulutan ng mas nakararaming kaanib ng iglesia;

(5) Kung may inalis o natiwalag, subalit taos sa pusong nagsisi at makapagpapatuloy sa paghihikayat sa mga tao sa pamamagitan ng pangangaral ng ebanghelyo, humiling na muling makapasok, at maaari silang muling tanggapin.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Habang ginagawa ang gawain ng pagliligtas ng Diyos, bawat isang tao na maaaring iligtas ay ililigtas hangga't maaari, at walang isa man sa kanila ang itatapon, dahil ang layunin ng gawain ng Diyos ay iligtas ang tao. Lahat sila, sa panahon ng pagliligtas ng Diyos sa tao, na hindi nagagawang magkamit ng pagbabago sa kanilang disposisyon—pati na lahat ng hindi

nagagawang lubos na magpasakop sa Diyos—ay magiging mga pakay ng kaparusahan. Ang yugtong ito ng gawain—ang gawain ng mga salita—ay bubuksan sa mga tao ang lahat ng paraan at hiwaga na hindi nila nauunawaan, upang maunawaan nila ang kalooban at mga ipinagagawa ng Diyos sa kanila, at upang mapasakanila ang mga kinakailangan upang maisagawa ang mga salita ng Diyos at magkamit ng mga pagbabago sa kanilang disposisyon. Ang Diyos ay gumagamit lamang ng mga salita upang gawin ang Kanyang gawain at hindi pinarurusahan ang mga tao dahil sa pagiging medyo mapanghimagsik; ito ay dahil ngayon na ang panahon ng gawain ng pagliligtas. Kung parurusahan ang sinumang kumilos nang mapanghimagsik, walang sinumang magkakaroon ng pagkakataon na maligtas; lahat ay parurusahan at babagsak sa Hades. Ang layunin ng mga salita na humahatol sa tao ay upang tulutan silang makilala ang kanilang sarili at magpasakop sa Diyos; hindi ito para parusahan sila sa gayong paghatol. Sa panahon ng gawain ng mga salita, malalantad ang pagkasuwail at paglaban ng maraming tao, gayundin ang kanilang pagsuway sa Diyos na nagkatawang-tao. Gayunpaman, hindi Niya parurusahan ang lahat ng taong ito dahil dito, kundi sa halip ay itatakwil lamang yaong mga tiwali sa kaloob-looban at hindi maaaring iligtas. Ibibigay Niya ang kanilang laman kay Satanas, at sa ilang sitwasyon, wawakasan ang kanilang laman. Yaong mga natira ay patuloy na susunod at mararanasang pakitunguhan at tabasan. Kung, habang sumusunod, hindi pa rin kayang tanggapin ng mga taong ito na pakitunguhan at tabasan, at lalong sumama nang sumama, mawawalan sila ng pagkakataong maligtas. Bawat taong nagpasakop na sa paglupig ng mga salita ay magkakaroon ng sapat na pagkakataon para maligtas; ang pagliligtas ng Diyos sa bawat isa sa mga taong ito ay magpapakita ng Kanyang lubhang kaluwagan. Sa madaling salita, pakikitaan sila ng lubos na pagpaparaya. Hangga’t tumatalikod ang mga tao mula sa maling landas, at hangga’t nakakapagsisi sila, bibigyan sila ng Diyos ng mga pagkakataong makamtan ang Kanyang pagliligtas. Sa unang pagsuway ng mga tao sa Diyos, wala Siyang hangad na patayin sila; sa halip, ginagawa

Niya ang lahat upang iligtas sila. Kung wala talagang paraang mailigtas ang isang tao, itatakwil sila ng Diyos. Kaya mabagal ang Diyos sa pagparusa sa ilang tao ay dahil nais Niyang iligtas ang lahat ng maaaring mailigtas. Hinahatulan, nililiwanagan, at ginagabayan Niya ang mga tao sa pamamagitan ng mga salita lamang, at hindi Siya gumagamit ng pamalo para patayin sila. Ang paggamit ng mga salita upang iligtas ang mga tao ay ang layunin at kabuluhan ng huling yugto ng gawain.

Hinango mula sa "Dapat Mong Isantabi ang mga Pagpapala ng Katayuan at Unawain ang Kalooban ng Diyos na Maghatid ng Kaligtasan sa Tao" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa nakalipas, ang ilang tao ay napaalis na mula sa iglesia dahil sa paggawa ng masasamang bagay, at tinanggihan na sila ng kanilang mga kapatiran. Matapos magpagala-gala sa loob ng ilang taon, nakabalik na sila ngayon. Isang mainam na bagay ang hindi nila tuluyang pag-iwan sa Diyos; nagbibigay ito sa kanila ng pagkakataon at ng pag-asa na maligtas. Kung tumakbo silang palayo at tumigil sa paniniwala, naging katulad ng mga di-mananampalataya, ganap na silang walang masusulingan. Kung sila ay kagyat na makapagbabago, may pag-asa pa sa kanila; ito ay bihira at mahalaga. Paano man kumilos ang Diyos, at paano man Siya makitungo, mamuhi, o masuklam sa mga tao, kung darating ang araw na kagyat na makapagbabago sila, Ako ay lubhang magiginhawaan, dahil mangangahulugan ito na mayroon pa rin silang kaunting puwang sa kanilang puso para sa Diyos, na hindi nila ganap na naiwala ang kanilang pantaong katinuan o ang kanilang pagkatao, na nais pa rin nilang maniwala sa Diyos, at na kahit paano ay mayroon silang bahagyang intensyon na kilalanin Siya at bumalik sa harapan Niya. Sino man ang lumilisan sa tahanan ng Diyos, kung sila ay bumalik, at pinahahalagahan pa rin nila ang pamilyang ito, kahit paano ay madamdaming mapapalapit Ako at bahagyang magiginhawaan dito. Gayunpaman, kung hindi sila bumalik kailanman, iisipin Ko na ito'y kahabag-habag. Kung makababalik sila at magsimulang matapat na maniwala sa Diyos, talagang mapupuno ng

kasiyahan ang Aking puso. Kapag ikaw ay lumayo, tiyak na bahagya kang nagiging negatibo, at nasa masamang kalagayan; kung makababalik ka ngayon, gayunman, nagpapatunay ito na mayroon ka pa ring pananampalataya sa Diyos. Gayunpaman, kung makakaya mo man o hindi na patuloy na sumulong ay isang bagay na di-batid, sapagka't napakabilis magbago ng mga tao. Sa Kapanahunan ng Biyaya, nagkaroon si Jesus ng awa at biyaya para sa mga tao. Kung ang isa sa sandaang tupa ay naligaw, iiwan Niya ang siyamnapu't siyam upang hanapin ang isa. Ang pangungusap na ito ay hindi naglalarawan ng isang uri ng mekanikal na pamamaraan, ni tuntunin; sa halip, ipinakikita nito ang agarang intensyon ng Diyos na maghatid ng kaligtasan sa mga tao, pati na rin ng Kanyang malalim na pagmamahal para sa kanila. Hindi ito isang paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay; ito ay isang uri ng disposisyon, isang uri ng pag-iisip. Sa gayon, lumilisan ang ilang tao nang anim na buwan o isang taon, o datapuwa't marami ang taglay na mga kahinaan o datapuwa't dumaranas ng maraming maling kuro-kuro, at gayunma'y ang kakayahan nilang gumising kalaunan sa realidad, magkamit ng kaalaman at kagyat na magbago, at bumalik sa tamang landas ay lalo nang nagpapaginhawa sa Akin at nagdudulot sa Akin nitong kapirasong katuwaan. Sa mundong ito ng pagsasaya at karangyaan, at sa masamang kapanahunang ito, ang kakayahang manindigan, kilalanin ang Diyos, at makabalik sa tamang landas ay mga bagay na nagdudulot ng bahagyang ginhawa at kasabikan. Ang pagpapalaki ng mga anak, halimbawa: Mapagmahal man sila sa magulang o hindi, ano ang iyong mararamdaman kung hindi ka nila kinilala, at nilisan ang tahanan, na hinding-hindi na magbabalik? Sa kaibuturan, mananatili ka pa ring nagmamalasakit sa kanila, at palagi kang magtataka, "Kailan babalik ang aking anak? Nais ko siyang makita. Maging anupaman, anak ko siya, at hindi walang-saysay na pinalaki at minahal ko siya." Ganito ka laging mag-isip; lagi kang nananabik sa pagdating ng araw na iyon. Gayon din ang nararamdaman ng lahat hinggil sa bagay na ito. Mababa ang tayog ng mga tao sa panahong ito, nguni't darating ang araw na mauunawaan nila ang kalooban ng Diyos, maliban na lang kung hindi sila

nagkikimkim ng kahit kapirasong pagnanais na maniwala at hindi tinatanggap na Siya ang Diyos.

Hinango mula sa “Ang Mga Taong Gumagawa ng Palagiang Paghingi sa Diyos ang Pinaka-hindi-makatwirang Mga Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang kaanak na iba ang pananampalataya (ang iyong mga anak, ang iyong asawa, iyong mga kapatid o magulang, at iba pa) ay hindi dapat piliting sumapi sa iglesia. Ang sambahayan ng Diyos ay hindi kulang sa mga kasapi, at hindi kailangang pataasin ang bilang nito ng mga taong walang silbi. Hindi na dapat akayin sa iglesia ang lahat ng hindi malugod na nananalig. Ang kautusang ito ay para sa lahat ng tao. Dapat ninyong siyasatin, subaybayan at paalalahanan ang isa’t isa sa bagay na ito, at walang sinumang maaaring lumabag dito. Kahit atubiling pumapasok nga sa iglesia ang kaanak na iba ang pananampalataya, huwag silang bigyan ng mga aklat o ng bagong pangalan; ang gayong mga tao ay hindi bahagi ng sambahayan ng Diyos, at kailangang patigilin ang pagpasok nila sa iglesia sa anumang paraang kinakailangan. Kung may gulong nadala sa iglesia dahil sa paglusob ng mga demonyo, ikaw mismo ay ititiwalag o paghihigpitan. Sa madaling salita, lahat ay may responsibilidad sa bagay na ito, ngunit hindi ka rin dapat magpadalus-dalos, ni gumamit nito para lutasin ang mga personal mong atraso.

Hinango mula sa “Ang Sampung Atas Administratibo na Dapat Sundin ng Hinirang na Bayan ng Diyos sa Kapanahunan ng Kaharian” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Ang mga prinsipyo sa pagtanggap ng mga bagong mananampalataya sa iglesia ay: Hangga’t taos-puso silang naniniwala sa Diyos, kahit na mayroon lamang silang munting pag-asa o pagkakataong mailigtas, dapat pa rin silang tanggapin sa iglesia at hindi dapat maitulak palabas kailanman. Hindi dapat masyadong mataas ang pamantayan sa pagtanggap ng mga tao sa iglesia, dahil ang buong sangkatauhan ay nagawa nang labis na tiwali ni Satanas, at kaunti ang may mabuting pagkatao. Kung hindi sila mga gumagawa ng masama o mga taong

magulo ang isip, at kung taos-puso silang naniniwala na ang Makapangyarihang Diyos ay ang nagkatawang-taong Diyos, kung gayon dapat silang tanggapin sa iglesia. Mga manggagawa man sila, mga magsasaka, o mga guro, tauhang pang-agham o panteknolohikal, o mga empleyado ng gobyerno, kailangan natin silang ituring lahat bilang mga kapantay nang walang anumang pagkiling. Lalong kailangan nating magkaroon ng matinding pasensiya sa pagpatnubay sa yaong mga kadre at tauhang pang-agham at panteknolohikal o tauhang pang-edukasyon papasok sa mga salita ng Diyos at upang maunawaan ang katotohanan. Dahil mas mahirap para sa gayong mga tao na pumasok sa katotohanan, kailangang hindi sobrang taas o mahigpit ang ating mga inaasahan. Kung tunay na may pagmamahal tayo para sa mga taong ito, dapat na malimit tayong nakikipag-ugnayan sa kanila at binibigay sa kanila ang ating pagtulong. Kahit pa madalas na nangangailangan ng mas mahabang oras ang mga taong ito kaysa sa pangkaraniwang mga tao upang makapasok sa katotohanan at makapagtayo ng pundasyon sa kanilang pananampalataya sa Diyos, sa sandaling makapasok na talaga sila sa katotohanan, nagiging mga kapaki-pakinabang na talento silang lahat. Hindi gagana ang paglilinang ng talento nang hindi nagbabayad ng halaga para magawa ito.

Para sa mga bagong dating na tinatanggap sa iglesia, kadalasang sapat nang makamit ang pahintulot ng mga pinuno at mga diyakono ng iglesia. Sa mga natatanging kalagayan, kinakailangan ang pahintulot ng buong kongregasyon ng iglesia. Kung may ilang mga taong hindi sang-ayon sa pagtanggap sa isang bagong mananampalataya, kung gayon kailangang sumailalim ang mananampalataya sa isang panahon ng pagsubok. Habang nasa panahon sila ng pagsubok, dapat na manatiling walang-patid na nakikipag-ugnayan sa kanila ang taong nagpakilala sa kanila o ang nangaral ng ebanghelyo sa kanila, at ipagpatuloy ang pakikipagsalamuha sa kanila. Sa panahon ng anumang mga ugnayan, dapat makagawa ng detalyadong obserbasyon sa bagong dating. Kung mapatunayan na sila ay isang taong taos-pusong naniniwala sa Diyos,

kung gayon maaari silang matanggap sa iglesia. Ang gawain ng pagtanggap ng mga tao sa iglesia ay hindi maaaring maging napakalabis; mga gumagawa ng masama at mga taong magulo ang isip lamang ang dapat na paghigpitan. Dapat na matanggap ang karamihan ng mga tao, at sa mga natatanging kaso lamang dapat kailanganin ang karagdagang talakayan at pagpapahintulot ng iglesia.

Dapat na maingat na maisakatuparan ang pagtanggap ng mga tao sa iglesia. Kailangang mapigilan sa pagsapi sa iglesia ang yaong mga gumagawa ng masama na nais na umasa sa iglesia para sa kanilang kabuhayan, na madalas na nakikiapid, o na labis na mapagmataas. Mayroon din yaong hindi mananampalataya na sumasakay lamang sa sitwasyon at naglalaro; kailangan ding mapigilan ang mga ito sa pagsapi sa iglesia. Dahil hindi minamahal ng gayong mga tao ang katotohanan, kahit na sumapi sila sa iglesia, hindi pa rin sila maaaring manatiling mga tagasunod hanggang sa huli. Sa iglesia, ang mga ito ang uri ng mga taong sumusuko kalaunan. Bukod dito, kailangan din nating mapigilan ang paglusot sa iglesia mula sa mga dumarating upang mag espiya. Kailangang mapigilan ng iglesia higit sa lahat ang mga sumusunod na tatlong uri ng mga tao mula sa pagsapi sa iglesia: Kabilang sa isang uri yaong napakasama, nakaririmarim, at napakaimbi na walang-pasubaling hindi sila maaaring tanggapin ng iglesia; kabilang sa isa pang uri ang mga espiya na nais lumusot sa iglesia, at na walang-pasubaling hindi maaaring tanggapin ng iglesia; kabilang sa huling uri yaong hindi taos-pusong naniniwala sa Diyos, at kahit na matanggap sa iglesia, lahat ng mga taong ito ay susuko sa madaling panahon o sa katagalan, kaya kailangan hindi sila tanggapin ng iglesia.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

May panuntunan na ngayon ang bahay ng Diyos: kailangang magsulat ng aplikasyon ang lahat ng bagong mananampalataya upang sumapi sa iglesia na nagsasaad na ginagawa nila ito sa ilalim ng kanilang sariling

kagustuhan, at hindi kailanman magsisisi sa paggawa nito, sa gayong paraan ay pinatutunayan na tunay silang naniniwala sa Diyos. Pagkatapos mong isulat ang iyong aplikasyon, gagamitin ng bahay ng Diyos ang iyong pag-uugali upang kilatisin kung pinahihintulutan kang sumapi sa iglesia. Kung hindi ka magsusulat ng aplikasyon, hindi ka hihimukin ng bahay ng Diyos na gawin ito, subalit ituturing ka lamang na isang hindi pa nakabubuo ng desisyon. Hindi ba ito ang tamang bagay na gawin ng bahay ng Diyos? Ang paggawa nito ay nagbibigay sa mga tao ng ganap na kalayaan sa pananampalataya, ganap na inilalagay nito sa kanilang mga kamay ang pagpili, at naiiwasan ang anumang pakiramdam ng pamimilit. Kung tunay kang naniniwala sa Diyos, kung gayon kapag natiyak mo nang naging laman ang Diyos upang personal na isakatuparan ang kaligtasan ng tao, dapat kang sumapi sa iglesia; saka ka lamang tunay na masidhing magagalak sa harap ng Diyos, at saka ka lamang kikilalanin ng Diyos bilang kasapi ng Kanyang bahay. Kung hindi ka sasapi sa iglesia, isa ka lamang manonood sa mga mata ng Diyos, isang hindi mananampalataya; maaari kang gumawa ng ilang kaunting pagsisikap para sa iglesia, subalit mananatili kang hindi hihigit sa isang pansamantalang tagasilbi. Tumpak na sabihin na lahat ng hindi gustong sumapi sa iglesia ay hindi tunay na naniniwala sa Diyos at hindi kinikilala ng Diyos.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

Nadakip ang ilang mga tao ng malaking pulang dragon dahil sa kanilang pananampalataya sa Diyos. Ipinapakita ba nito na naibunyag at naalis sila, o na sila ay nalinis at nagawang perpekto? Walang panuntunan ditong “isang sukat na angkop sa lahat” dahil nakasalalay ito sa kung anong uri sila ng tao. Kung sila ay demonyo, isang taong hindi minamahal ang katotohanan, kung gayon pinapakita nito na naibunyag at naalis sila. Kung minamahal nila ang katotohanan, kung gayon isang pagsubok ang kanilang pagkakadakip. Pagkatapos nilang madakip, lumalagda ang ilang mga tao sa “tatlong salaysay” (isang salaysay ng pagsisisi, isang salaysay ng garantiya, at isang salaysay ng paghihiwalay), at mayroong yaong

nagsasabing inalis na sila ng Diyos pagkatapos—subalit hindi naniniwala ang bahay ng Diyos. Kung minamahal nila ang katotohanan at na may mabuting pagkatao, bibigyan pa rin sila ng Diyos ng pagkakataon; isang paglabag lamang ito at isang pagkakataon ng pagkabigo at pagbagsak, at tatanggapin pa rin sila ng iglesia. Para sa yaong inaakay ang malaking pulang dragon para dakipin ang ibang mga kapatid, ganap na katapusan na nito. Hindi sila maililigtas ng Diyos. Hindi lamang ito isang problema ng kanilang paglagda sa "tatlong salaysay". Nakipagkaisa sila sa malaking pulang dragon, nagsagawa sila ng mga kongkretong pagkilos na nagtataksil sa Diyos, at hindi ito isang kahinaan, subalit lubos na pagtataksil. Ganap na katapusan na ng gayong mga tao, at hindi sila gusto ng bahay ng Diyos, tapos. Para sa yaong lumalagda sa "tatlong salaysay" subalit hindi ipinagkakanulo ang mga kapatid o inaakay ang malaking pulang dragon upang dakipin ang ibang mga kapatid, kung may mabuti silang pagkatao at minamahal ang katotohanan, kung gayon bibigyan sila ng bahay ng Diyos ng isa pang pagkakataon upang magsisi, at matatanggap pa rin sila sa iglesia. Kung hindi nila hinanap ang katotohanan kailanman at na may hindi mabuting pagkatao—kung masama sila—kung gayon hindi sila nais ng bahay ng Diyos, at lubos silang maibubunyag at maaalis. Ganap na nakahanay sa kalooban ng Diyos ang gayong pagsasagawa. Kapag nangyayari ang parehong bagay sa iba't ibang mga tao, dapat na may magawang pagtatangi: Dapat na may magawang pagpapasiya batay sa kalikasang diwa ng mga tao. Kapag nangyayari ito sa isang taong hinahanap ang katotohanan, hindi maganda ang pananaw ng mga tao rito—subalit sa katotohanan, mabait ang kalooban ng Diyos. Nililinis Niya sila at ginagawang perpekto, o kung hindi man ay sinusubok at pinipino sila. Kapang nangyayari ang parehong bagay sa isang taong hindi minamahal ang katotohanan, nangangahulugan ito ng pagbubunyag at pag-aalis. Sinasabi ng ilang mga tao, "Hindi ko minahal ang katotohanan noon, ngunit nang harapin ko ang pagbubunyag na ito, napukaw ako. Kailangan kong magsisi at magsimulang hanapin ang katotohanan." Katanggap-tanggap ito, subalit kailangan ding tingnan ng

Diyos kung nagbago ka makalipas ang panahon. Kung tunay kang nagsisi at nagbago, kung gayon para sa iyo, ang pagbubunyag sa iyo nang oras na iyon ay hindi nangangahulugan ng pag-aalis; ito ang kahahantungang pagliligtas, at naging paayon ang kinahinatnan ng bagay na ito. Sa gayon, may prinsipyo ang yaong mga nakakaunawa sa katotohanan sa kung paano nila pinakikitunguhan ang iba, gumagawa sila ng mga pagtatangi, at hindi sila bulag na humahatol o nagmamadali sa mga pagpapasiya. Minsan ang pagmamadali sa mga pagpapasiya ay maaaring makahadlang o makapinsala ng mabubuting tao, dahil hindi nauunawaan ng ilang mabubuting tao ang katotohanan, at na madalas ay mahina, at nangangailangan ng mapagmahal na suporta.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

Noon, sa panahon ng malalaking paglilinis ng iglesia, hindi iilan ang mga taong napaalis o naitiwalag. Ang ilan sa kanila ay tiyak na mga taong totoong naniniwala sa Diyos at nagpapakita ng mga palatandaan ng pagsisisi, at nananatili pa rin sila sa kanilang pananampalataya. Dapat na bigyan ng iglesia ang mga taong ito ng isa pang pagkakataon, at dapat silang tanggapin pabalik. Maaaring magamit bilang sanggunian ang mga sumusunod na sitwasyon.

1. Para sa mga taong natanggal mula sa iglesia dahil hindi nagampanan ang kanilang mga tungkulin o hindi madalas na nakadalo sa mga pagtitipon, kung nagpapakita sila ng mga palatandaan ng totoong pagsisisi, maaari silang tanggapin pabalik sa iglesia.

2. Para sa mga taong tunay na naniniwala sa Diyos, subalit naitiwalag dahil nakagawa ng isang partikular na paglabag (na hindi naman talaga sapat upang matugunan ang pamantayan para maitiwalag), maaari silang tanggapin pabalik sa iglesia.

3. Para sa mga taong natanggal dahil hindi hinanap ang katotohanan, at dahil naging magulo ang isip sa kanilang pananampalataya, kung mayroon silang bahagyang mabuting pagkatao at hindi masasamang tao, at kung kasalukuyan silang nagpapakita ng mga palatandaan ng totoong

pagsisisi, maaari silang tanggapin pabalik sa iglesia.

4. Para sa mga taong naitiwalag mula sa iglesia dahil sa pagkakaroon ng hindi mabuting pagkatao at dahil sa masamang-asal, kung nagsisikap sila mula umpisa sa kanilang pagpapakalat ng ebanghelyo at nagpakita ng mga palatandaan ng totoong pagsisisi, kung gayon maaari silang tanggapin pabalik sa iglesia. Kung bumalik sa iglesia ang gayong mga tao, dapat silang maging mabait; bukod doon, hindi sila mapahihintulutang kumilos bilang mga pinuno.

Tungkol sa mga taong nahuhulog sa mga nabanggit na mga kategorya, dapat na magpadala ng isang tao ang iglesia upang makakuha ng pag-unawa sa, at tiyakin, ang kanilang mga sitwasyon. Kung taos-puso sa kanilang pagnanasang bumalik sa iglesia ang gayong mga tao, kung gayon maaari silang pahintulutang bumalik, hangga’t ang karamihan ng kongregasyon ay sumang-ayon. Kung kaunti lamang ng kongregasyon ang sumang-ayon, kung gayon dapat pakawalan ang yaong inaasahang magbabalik. Sa usapin ng pagtanggap ng mga tao sa iglesia, walang-pasubaling hindi dapat labagin ang mga prinsipyo. Sa nakaraan, ginawa ang karamihan ng mga pagpapatalsik para sa mga makatwirang dahilan; kaunti lamang sa kanila ang hindi naaangkop na naitiwalag. Ang mga taong katulad ng huli ay maaaring isaalang-alang muli at mabigyan ng isa pang pagkakataon. Kung tatanggaping muli ng iglesia ang karamihan sa mga taong itiniwalag o natanggal, maaaring maganap ang malalaking pagkakamali. Kailangang maunawaan ng mabuti ng bawat iglesia ang mga prinsipyong ito at hindi lumihis mula sa mga ito. Kailangang kumilos ang isang iglesia ayon sa mga aktwal na kalagayan, at pakitunguhan ang mga tao alinsunod sa mga prinsipyo. Hindi dapat ituring bilang isang masamang tao ang isang taong gumagawa ng mga paglabag, subalit yaong palagiang mahalay at hindi nagbabago kailanman kahit matapos na paulit-ulit na nadisiplina, yaong madalas na magnakaw ng mga handog at na di-maampat ang kasakiman, yaong palagiang mapagmataas at palalo, hibang, at labis na balisa, yaong palagiang naghahasik ng hidwaan at naghahangad ng alitan, at yaong palaging nagpupumilit para sa

kapangyarihan at na hindi gustong gampanan ang anumang mga tungkulin maliban na lamang kung mayroon silang katayuan—hindi na maiwawasto ang lahat ng mga taong ito. Ang masasamang tao ay palaging magiging masama; hindi sila tunay na magsisisi kailanman. Sa gayon, walang sinuman ang may karapatang dalhin ang gayong mga tao pabalik sa iglesia, at sinumang gawin iyon ay ititiwalag ng iglesia kasama nila. Walang-pasubaling hindi dapat makisali sa anumang nakagagambalang asal ang yaong mga ibinalik sa iglesia, at kailangan din nilang makisama ng maayos sa karamihan ng mga tao. Ang mga ito lamang ang uri ng mga taong nababagay na maibalik sa iglesia. Tanging yaong mga makabubuti sa gawain ng iglesia, o may kakayahang magsilbi tungo sa pagpapakalat ng ebanghelyo, ang maaaring malugod na tanggapin muli; sinumang mapanganib sa iglesia ay walang-pasubaling hindi dapat pahintulutang makabalik. Kailangang kumilos ang mga pinuno at mga manggagawa sa lahat ng antas alinsunod sa mga prinsipyo sa bagay na ito nang sa gayon wala ni isang mabuting tao ang mahuhulog sa mga bitak at wala ni isang masamang tao ang maibalik.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

71. Ang Mga Prinsipyo ng Pagbubukod sa Mga Tao sa Isang Iglesia

(1) Dapat ipatupad ang pagbubukod laban sa mga malimit na nanggugulo at gumagambala sa buhay-iglesia, at matapos suwetuhin at tabasan, ay hindi mapagbago sa kanilang ugali at hindi maituwid sa kanilang mga pamamaraan;

(2) Dapat palitan at pabayaang magmuni-muni nang nakabukod ang mga huwad na lider at manggagawa na hindi naman masasamang tao kundi mahihina ang pagkatao, na medyo nakagawa ng mga malimit na paglabag, at medyo nakaiimpluwensiya ng masama sa iba;

(3) Ang mga taong nakulong at napawalan, anuman ang naging sitwasyon, ay dapat ibukod sa loob ng anim na buwan bilang kaukulang

pag-iingat;

(4) Dapat ipatupad lamang ng iglesia ang pagbubukod laban sa isang tao nang may pahintulot ng karamihan sa kaanib nito, at hindi maaaring alisin ang ipinataw na disiplina hangga't hindi taos-pusong nagsisisi ang taong iyon.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Yaong mga kapatid na palaging nagbubulalas ng kanilang pagkanegatibo ay mga utusan ni Satanas, at ginugulo nila ang iglesia. Ang mga taong ito balang araw ay kailangang itiwalag at alisin. Sa kanilang paniniwala sa Diyos, kung ang mga tao ay walang pusong nagpipitagan sa Diyos, kung wala silang pusong masunurin sa Diyos, hindi lamang sila hindi makakagawa ng anumang gawain para sa Kanya, kundi bagkus ay magiging mga taong gumagambala sa Kanyang gawain at sumusuway sa Kanya. Ang paniniwala sa Diyos ngunit hindi sumusunod o nagpipitagan sa Kanya, at sa halip ay nilalabanan Siya, ang pinakamalaking kahihiyan para sa isang nananampalataya. Kung natural at walang pagpipigil ang pananalita at pag-uugali ng mga mananampalataya na tulad ng mga walang pananampalataya, mas masama pa sila kaysa mga walang pananampalataya; sila ay napakatipikal na mga demonyo. Yaong mga nagbubulalas ng kanilang makamandag at malisyosong pananalita sa loob ng iglesia, na nagkakalat ng mga tsismis, nagpupukaw ng kawalan ng pagkakaisa, at iginugrupu-grupo ang mga kapatid—dapat ay natiwalag na sila sa iglesia. Subalit dahil ibang panahon na ngayon ng gawain ng Diyos, hinihigpitan ang mga taong ito, sapagkat tiyak na aalisin sila.

Hinango mula sa "Isang Babala sa mga Hindi Nagsasagawa ng Katotohanan" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Bawat iglesia ay may mga taong nagsasanhi ng kaguluhan para sa iglesia o nakikialam sa gawain ng Diyos. Lahat sila ay mga Satanas na nakapasok sa bahay ng Diyos nang nakabalatkayo. Ang gayong mga tao ay mahusay umakto: Humaharap sila sa Akin nang may malaking pagpipitagan, nakayuko at kumakayod, umaasal na parang mga asong

galisin, at inilalaan ang kanilang “lahat-lahat” para makamtan ang sarili nilang mga layunin—ngunit sa harap ng mga kapatid, ipinapakita nila ang kanilang pangit na panig. Kapag nakakakita sila ng mga taong nagsasagawa ng katotohanan, pinipintasan nila ang mga ito at itinutulak sa isang tabi; kapag nakakakita sila ng mga taong mas nakakatakot kaysa sa kanila, pinupuri at binobola nila ang mga ito. Nagwawala sila sa loob ng iglesia. Masasabi na ang gayong “lokal na mga maton,” ang gayong “mga sipsip,” ay umiiral sa karamihan ng mga iglesia. Sama-sama silang kumikilos nang malademonyo, nagpapahatid ng mga kindat at lihim na senyas sa isa’t isa, at walang isa man sa kanila ang nagsasagawa ng katotohanan. Sino man ang may pinakamakamandag na lason ay siyang “punong demonyo,” at sino man ang may pinakamataas na karangalan ay namumuno sa kanila, at iwinawagayway ang kanilang bandila. Naghuhuramentado ang mga taong ito sa loob ng iglesia, nagkakalat ng kanilang pagkanegatibo, bumubulalas ng kamatayan, ginagawa ang gusto nila, sinasabi ang gusto nila, at walang sinumang nangangahas na pigilan sila. Puno sila ng disposisyon ni Satanas. Katatapos pa lamang nilang manggulo ay pumapasok na ang simoy ng kamatayan sa iglesia. Yaong mga nasa iglesia na nagsasagawa ng katotohanan ay pinalalayas, na hindi ginagawa ang lahat, samantalang yaong mga nanggugulo sa iglesia at nagkakalat ng kamatayan ay nagwawala sa loob—bukod pa riyan, karamihan sa mga tao ay sumusunod sa kanila. Ang gayong mga iglesia ay pinamumunuan ni Satanas, walang duda; ang diyablo ang kanilang hari. Kung ang mga nagtitipon ay hindi tumatayo at tumatanggi sa mga punong demonyo, sila rin sa malao’t madali ay mawawasak. Mula ngayon, kailangang gumawa ng mga hakbang laban sa gayong mga iglesia. Kung hindi ito hahangarin ng mga may kakayahang magsagawa ng kaunting katotohanan, bubuwagin ang iglesiang iyon. Kung walang sinuman sa isang iglesia ang handang magsagawa ng katotohanan at walang sinumang maaaring tumayong saksi para sa Diyos, dapat ay ihiwalay nang lubusan ang iglesiang iyon, at kailangang putilin ang mga koneksyon nito sa ibang mga iglesia. Tinatawag itong “paglilibing sa kamatayan”; ito ang

ibig sabihin ng palayasin si Satanas. Kung may ilang lokal na maton sa isang iglesia, at sinusundan sila ng “maliliit na langaw” na lubos na hindi makaintindi, at kung ang mga nagtitipon, kahit nakita na nila ang katotohanan, ay wala pa ring kakayahang tanggihan ang mga gapos at manipulasyon ng mga maton na ito, lahat ng hangal na iyon ay aalisin sa huli. Maaaring walang nagawang kakila-kilabot ang maliliit na langaw na ito, ngunit mas mapanlinlang pa sila, mas tuso at mahusay umiwas, at lahat ng kagaya nito ay aalisin. Wala ni isang matitira! Yaong mga nabibilang kay Satanas ay ibabalik kay Satanas, samantalang yaong nabibilang sa Diyos ay tiyak na hahanapin ang katotohanan; ipinapasiya ito ng kanilang likas na pagkatao. Hayaang mapahamak ang lahat ng sumusunod kay Satanas! Walang habag na ipapakita sa gayong mga tao. Hayaan yaong mga naghahanap sa katotohanan na masustentuhan, at nawa’y masiyahan sila sa salita ng Diyos hangga’t gusto nila. Ang Diyos ay matuwid; hindi Siya magpapakita ng paboritismo kaninuman. Kung ikaw ay isang diyablo, wala kang kakayahang magsagawa ng katotohanan; kung ikaw ay isang taong naghahanap sa katotohanan, tiyak na hindi ka mabibihag ni Satanas. Walang kaduda-duda iyan.

Hinango mula sa “Isang Babala sa mga Hindi Nagsasagawa ng Katotohanan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Makatwiran na maghiwalay at magtiwalag ng mga tao ang iglesia. Dahil ginambala ng ilang pinuno at manggagawa ang normal na kaayusan ng buhay-iglesia at pininsala ang marami sa hinirang na bayan ng Diyos sa pamamagitan ng pag-abuso sa kanilang awtoridad upang ihiwalay at itiwalag ang mga tao, kung kaya’t inalis ang kanilang awtoridad na maghiwalay at magtiwalag ng mga tao. Gayunpaman, nananatiling makatwiran para sa iglesia na maghiwalay at magtiwalag ng mga tao, at kailangang ingatan ang awtoridad na ito. Ang kailangan lamang ay nakabase sa mga prinsipyo ang pagsasakatuparan nito. Hindi dapat pahintulutan ang mga indibidwal na pinuno at manggagawa na makahanap

ng mga pagkakataon na samantalahin ang kanilang awtoridad upang lusubin, gantihan, at paratangan ang hinirang na bayan ng Diyos. Kapag inihihiwalay o itinitiwalag ng iglesia ang isang tao, kailangan itong sang-ayunan ng higit sa 80% ng mga kaanib ng iglesiang iyon; may mahalagang pagkakaiba sa pagitan nito at sa paghihiwalay o pagtitiwalag sa isang tao ng isang indibidwal na pinuno o manggagawa, o ng iilan lamang sa mga kaanib—lubos na magkaiba ang dalawang ito. Ang isang taong karapat-dapat na ihiwalay ng iglesia ay pangunahing isang taong palaging ginagambala ang buhay-iglesia at gumagawa ng walang habas na kalokohan, na nagsasanhi na magambala at manganib ang pagkain at pag-inom ng salita ng Diyos at ang pagkaunawa sa katotohanan ng hinirang na bayan ng Diyos, at na tumatangging sumunod sa payo at baguhin ang kanyang mga gawi sa kabila ng paulit-ulit na pagdidisiplina. Sa tiyak na pagtukoy, ang isang taong inihiwalay ay isang masama o hindi makatwirang tao sa kabuuan. Kung hindi palagiang ginagambala ng isang tao ang buhay-iglesia, hindi siya maaaring ihiwalay. Ang paraan upang ihiwalay ang isang tao ay ang hilingin sa kanya na dumalo sa mga pagtitipon kasama ang ilan pang taong inihiwalay. Kung isang tao lang ang inihiwalay sa iglesia, maaaring hingin sa kanya na magsagawa ng mga espirituwal na debosyonal sa kanilang tahanan. Sa madaling salita, hindi sila pinahihintulutang makilahok sa buhay-iglesia. Kailangan na ngayong nakahiwalay ang mga tao sa Grupong A at B para sa mga pagtitipon, at ang mga hindi naghahangad ni katiting sa katotohanan, kundi ay hindi makatwiran at kumikilos nang walang pakundangan, ay dapat pagsamahin na dumalo sa mga pagpupulong; ito ay ganap na para maitaguyod ang normal na buhay-iglesia at para sa pagpasok sa buhay ng hinirang na bayan ng Diyos. Kung hindi magsisisi iyong mga inihiwalay pagkatapos na masama sa Grupong B, maaari na silang itiwalag.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Kailangang ihiwalay ang mga gumagawa ng walang habas na pag-

uugali na may napakanegatibong epekto at mga nagsasanhi ng matinding pagkagambala at gulo sa gawain ng iglesia habang gumaganap sa kanilang mga tungkulin, ang mga tumatangging tumanggap at sumunod, at walang layuning magsisi pagkatapos matabasan at mapakitunguhan, at mahigpit na madisiplina. Sa panahon ng paghihiwalay at pagbubulay-bulay, makagagawa lamang sila ng tungkulin ng pangangaral ng ebanghelyo. Ang mga nagsasanhi ng matagalang pagkagambala, na hindi tunay na nagsisisi at sutil na tumatangging aminin ang kanilang kasalanan, at ang tunay na masasamang tao ay kailangang ilantad ng hinirang na bayan ng Diyos para sa kanilang masasamang gawa at mala-satanas na kalikasan, at pagkatapos ay ihiwalay. Kung tatanggi pa rin silang magsisi, maaari silang tuluyang itiwalag at pabayaan ng hinirang na bayan ng Diyos. Kung makapaglilingkod sila sa pamamagitan ng pangangaral ng ebanghelyo, maaari silang manatili sa Grupong B para sa mga pagtitipon. Kung hindi sila makapaglilingkod sa pamamagitan ng pangangaral ng ebanghelyo o kung ayaw nilang maglingkod, kailangan silang itiwalag.

Tiyak na magulo ang pag-iisip at hindi nagmamahal sa katotohanan ang mga taong nanampalataya na sa Diyos ng ilang taon ngunit hindi pa rin nakakaunawa sa katotohanan ni nakakaunawa sa mga salita ng Diyos o sa mga sermon at pagbabahagi. Mga kakatwang tao na hindi nakakaunawa sa mga espirituwal na bagay ang lahat ng hindi alam kung paano kumilala ni bahagya, ang mga mahigpit na kumakapit sa mga alituntunin at walang-isip na sumusunod sa mga alituntunin, ang mga madalas na nalilinlang ng iba, sumusuko sa kapangyarihan, at inuulit lang ang sinasabi ng iba. Malabo man ang pag-iisip o kakatwa, kung hindi pa kailanman naunawaan ng mga tao ang katotohanan, sila’y mga walang-isip na manggugulo at tiyak na hindi tunay na hinirang na bayan ng Diyos. Ang mga hindi nagtutuon sa kanilang pangunahing gawain habang ginagampanan ang kanilang tungkulin, ang mga hindi itinataguyod ang gawain ng Diyos, ang mga madalas na sumusunod sa masasamang tao sa paghatol sa taong ito o pagkondena sa taong iyan, ang mga nakakakita ng mga suliranin sa ibang tao ngunit walang nakikitang mali sa kanilang sarili,

ang mga palaging gumagawa ng mga walang habas na pagkilos, naghahasik ng di-pagkakaunawaan at nagsasanhi ng pag-usbong ng mga alitan, ay mga taong walang-isip na nagsasanhi ng mga pagkagambala at gumagawa ng mga kaguluhan, at hindi tunay na hinirang na bayan ng Diyos ang mga taong ito. Ang mga hindi nagbibigay pansin sa kanilang sariling pagpasok sa buhay, ang mga hindi nagbibigay pansin sa kanilang sariling pagsasagawa ng katotohanan at maayos na pagganap ng kanilang mga tungkulin, ang mga hindi kayang tumayo sa panig ng hinirang na bayan ng Diyos na tunay na naghahangad sa katotohanan at matapat na gumaganap sa kanilang mga tungkulin, ay mga taong walang-isip na nagsasanhi ng mga pagkagambala at hindi tunay na hinirang na bayan ng Diyos. Mailalagay lamang sila sa Grupong B para dumalo sa mga pagpupulong at magbulay-bulay sa kanilang sarili upang makilala nila ang sarili nilang mga ginagawa. Ito ay pagkakataon upang magsisi sila. Kung ang mga taong ito'y patuloy na susunod sa masasamang tao upang walang-isip na magsanhi ng mga pagkagambala, hindi gagampanan ang kanilang mga nararapat na tungkulin, gagawa ng gulo mula sa wala, guguluhin ang gawain ng iglesia at gagambalain ang hinirang na bayan ng Diyos sa pagganap nila ng kanilang tungkulin, kung kaya't karamihan sa hinirang na bayan ng Diyos ay makadarama ng pagkasuklam at pagkamuhi sa kanila, kung magkagayon ay maaari na silang itiwalag. Ito ang mga prinsipyo sa pakikitungo sa lahat ng walang-isip na manggugulo na hindi mananampalataya.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Ang mga Prinsipyo ng Pamamahala na Dapat Isakatuparan sa Buhay-Iglesia

1. Kailangang tabasin at pakitunguhan ang mahihilig sa tsismis at madalas na nagpapakalat ng mga kuru-kuro at maling paniniwala sa panahon ng mga pagpupulong. Maaari silang ihiwalay kung tatanggi silang magbago sa kabila ng paulit-ulit na pagdidisiplina.

2. Hindi dapat na piliting sumama sa mga pagpupulong ang labis na

mabababa ang kakayahan at walang abilidad na makaunawa, ang mga lubos na hindi makaintindi sa katotohanan. Kung magpupumilit na sumama sa mga pagpupulong ang mga ganitong tao, hindi sila dapat na ihiwalay nang laban sa kanilang kalooban hangga't sumusunod sila at hindi nagsasanhi ng mga pagkagambala.

3. Ang mga hindi dumadakila o nagpapatotoo sa Diyos sa mga pagpupulong, kundi laging nagsasalita para sa kanilang sarili at gumagamit ng mapanlinlang na pangangatwiran upang maipagtanggol ang kanilang sarili, o palaging nagbibigay ng mga patotoo na may natatagong layunin at bumibigkas ng mga bagay na malayong mangyari, at gumagamit ng panlilinlang upang dayain ang kapwa, ay mga taong ipinapakita ang kanilang sarili upang hangaan sila ng iba at sadyang nagbibigay ng mga bulaang patotoo upang linlangin ang iba. May mapandayang pagkatao ang ganitong mga tao, at hindi sila nagbabago ni katiting, sa kabila ng pananampalataya sa Diyos sa loob ng maraming taon. Hindi nila sinasabi kailanman ang talagang ibig nilang sabihin, hindi nila kailanman ginagawa ang sinasabi nila, at sila'y mga mapagpaimbabaw lamang. Kailangang tabasin, pakitunguhan at ilantad ang mga ganitong tao. Kung hindi sila magsisisi at sa halip ay patuloy na magbibigay ng mga bulaang patotoo upang linlangin ang ibang tao, maaaring isakatuparan ang isang nakatuong pamamaraan upang ilantad at pabulaanan sila upang lubos silang mapahiya. Kung hindi pa rin sila susunod, kailangan silang ihiwalay sa loob ng humigit-kumulang anim na buwan bago tukuyin kung dapat nilang ipagpatuloy ang buhay-iglesia base sa antas ng kanilang pagsisisi.

4. Dapat tabasan at pakitunguhan ang mga labis na masama ang pagkatao at palaging nagsasanhi ng pagkagambala sa buhay-iglesia. Maaaring magsama-sama ang piniling bayan ng Diyos upang magpataw ng mga pagbabawal sa kanila at itakwil sila, sa gayong paraa'y mauudyukan silang magsisi at magbago. Kung sakaling hindi pa rin sila magbago, maaaring ipatupad ang paghiwalay o pagtiwalag.

5. Kung tunay na magsisisi at magbabago ang sinumang pinuno o manggagawa na nakagawa ng mabigat na paglabag, o napalitan, at hindi

siya magsasanhi ng pagkagambala sa buhay-iglesia, kailangan siyang tratuhin nang may pagmamahal. Kung magpapatuloy siyang magsanhi ng mga pagkagambala sa buhay-iglesia at labis na maaapektuhan ang pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos at pagpasok sa katotohanan ng hinirang na bayan ng Diyos, kailangan siyang ihiwalay o itiwalag.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

72. Ang Mga Prinsipyo ng Paglilinis sa Iglesia

(1) Dapat alisin ang lahat ng uri ng masasamang tao, di-kapanipaniwalang tao, mahihina-ulo, at mga bulok na mansanas, ayon sa pagpapatotoo ng karamihan;

(2) Dapat alisin ang mga taong magugulo ang isip at mahihina ang kakayahan, na hindi man lamang makaunawa sa katotohanan, at nagbabalak ng masama sa iglesia;

(3) Dapat alisin ang sinumang mga tao na gumagawa ng kabuktutan at panlilinlang, naghahasik ng kaguluhan, lumilikha ng pagkakabaha-bahagi, o nagpaplano at nagsasabwatan upang gambalain ang buhay-iglesia;

(4) Dapat alisin ang sinumang mga tao na malimit humahatol at nagpaparatang laban sa mga lider at manggagawa, na ang kanilang mga walang-batayang paratang ay para lamang mangsulsol at mang-udyok;

(5) Kapag aalisin ang isang tao, dapat may sapat na dahilan ang iglesia para rito, dapat itong umayon sa mga pagkakaayos ng gawain, at dapat sang-ayunan ito ng karamihan sa mga kaanib.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Inililigtas ng Diyos yaong mga kayang mabuhay, na kayang makita ang pagliligtas ng Diyos, na kayang maging tapat sa Diyos at handang hanapin ang Diyos. Inililigtas Niya yaong mga naniniwala sa pagkakatawang-tao ng Diyos at sa Kanyang pagpapakita. Kayang mabuhay ng ilang tao, at ang ilan ay hindi; nakasalalay ito sa kung kayang maligtas o hindi ang kanilang kalikasan. Maraming tao ang nakarinig na

nang marami sa mga salita ng Diyos ngunit hindi nauunawaan ang kalooban ng Diyos, at wala pa ring kakayahang isagawa ang mga ito. Walang kakayahang isabuhay ng mga ganitong tao ang anumang katotohanan, at sinasadyang manghimasok sa gawain ng Diyos. Hindi nila kayang gawin ang anumang gawain para sa Diyos, hindi nila maitalaga ang anumang bagay sa Kanya, at palihim din nilang ginugugol ang salapi ng simbahan at kumakain nang libre sa tahanan ng Diyos. Patay na ang mga taong ito, at hindi sila maliligtas.

Hinango mula sa “Ikaw Ba ay Isang Taong Nabuhay na?” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Yaong mga kapatid na palaging nagbubulalas ng kanilang pagkanegatibo ay mga utusan ni Satanas, at ginugulo nila ang iglesia. Ang mga taong ito balang araw ay kailangang itiwalag at alisin. Sa kanilang paniniwala sa Diyos, kung ang mga tao ay walang pusong nagpipitagan sa Diyos, kung wala silang pusong masunurin sa Diyos, hindi lamang sila hindi makakagawa ng anumang gawain para sa Kanya, kundi bagkus ay magiging mga taong gumagambala sa Kanyang gawain at sumusuway sa Kanya. Ang paniniwala sa Diyos ngunit hindi sumusunod o nagpipitagan sa Kanya, at sa halip ay nilalabanan Siya, ang pinakamalaking kahihiyan para sa isang nananampalataya. Kung natural at walang pagpipigil ang pananalita at pag-uugali ng mga mananampalataya na tulad ng mga walang pananampalataya, mas masama pa sila kaysa mga walang pananampalataya; sila ay napakatipikal na mga demonyo. Yaong mga nagbubulalas ng kanilang makamandag at malisyosong pananalita sa loob ng iglesia, na nagkakalat ng mga tsismis, nagpupukaw ng kawalan ng pagkakaisa, at iginugrupu-grupo ang mga kapatid—dapat ay natiwalag na sila sa iglesia. Subalit dahil ibang panahon na ngayon ng gawain ng Diyos, hinihigpitan ang mga taong ito, sapagkat tiyak na aalisin sila. Lahat ng nagawang tiwali ni Satanas ay may tiwaling disposisyon. Ang ilan ay walang anumang taglay kundi mga tiwaling disposisyon, samantalang ang iba ay hindi ganito: Hindi lamang sila mayroong tiwali at napakasamang

disposisyon, kundi napakamalisyoso rin ng kanilang likas na pagkatao. Hindi lamang nahahayag sa kanilang mga salita at kilos ang kanilang tiwali at napakasamang disposisyon; ang mga taong ito, bukod dito, ang totoong diyablong si Satanas. Ang pag-uugali nila ay nakakaabala at nakakagambala sa gawain ng Diyos, nakakasama sa pagpasok ng mga kapatid sa buhay, at nakakasira sa normal na buhay ng iglesia. Sa malao't madali, ang mga lobong ito na nakadamit-tupa ay kailangang mapalayas; hindi dapat kaawaan at tanggapin ang mga utusang ito ni Satanas. Ito lamang ang pumapanig sa Diyos, at yaong mga hindi nakakagawa nito ay nagtatampisaw sa putikan na kasama ni Satanas. Ang Diyos ay palaging nasa puso ng mga taong tunay na naniniwala sa Kanya, at palagi silang may pusong nagpipitagan sa Diyos, isang pusong nagmamahal sa Diyos. Dapat gawin ng mga naniniwala sa Diyos ang mga bagay-bagay nang maingat at masinop, at lahat ng ginagawa nila ay dapat maging alinsunod sa mga kinakailangan ng Diyos at makalugod sa Kanyang puso. Hindi dapat maging matigas ang kanilang ulo, na ginagawa ang anumang gusto nila; hindi iyan nababagay sa banal na kaangkupan. Hindi dapat magwala ang mga tao, na iwinawagayway ang bandila ng Diyos kung saan-saan habang nagyayabang at nanggagantso kahit saan; ito ang pinakasuwail na uri ng pag-uugali. May mga panuntunan ang mga pamilya, at may mga batas ang mga bansa—hindi ba lalo na sa tahanan ng Diyos? Hindi ba mas mahigpit pa ang mga pamantayan? Hindi ba mas marami pang atas administratibo? Ang mga tao ay malayang gawin ang gusto nila, ngunit ang mga atas administratibo ng Diyos ay hindi maaaring baguhin kung kailan gustuhin. Ang Diyos ay isang Diyos na hindi nagpaparaya sa kasalanan ng mga tao; Siya ay isang Diyos na pumapatay ng mga tao. Hindi pa ba ito alam talaga ng mga tao?

Hinango mula sa "Isang Babala sa mga Hindi Nagsasagawa ng Katotohanan" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ngayon, bumabangon Ako at kinakastigo ang lahat ng uri ng masasamang espiritu na lumalaban sa Akin. Gaano mang katagal na

sinundan nila Ako, kailangan nilang umalis sa Aking tabi. Hindi Ko gusto ang sinuman na laban sa Akin (sila ay yaong mga kulang sa espirituwal na pang-unawa, yaong mga pansamantalang naangkin na ng masasamang espiritu, at yaong mga hindi nakakakilala sa Akin). Hindi Ko gusto ang isa man sa kanila! Lahat ay aalisin, at magiging mga anak ng kapahamakan! Pagkatapos gumawa ng serbisyo para sa Akin ngayon, sila ay dapat umalis na lahat! Huwag manatili sa Aking bahay, huwag maging walang-kahihiyan at maghuthot lamang. Yaong mga kay Satanas ay mga anak ng diyablo lahat, at mapapahamak magpakailanman.

Hinango mula sa "Kabanata 109" ng Mga Pagbigkas ni Cristo sa Pasimula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Kapag malapit nang matapos ang gawain ng Diyos sa mga huling araw, nagiging mahalaga at dapat na ipatupad ang gawain ng paglilinis at pagdadalisay sa iglesia, at lubos na mahahayag ang matuwid na disposisyon ng Diyos sa usaping ito. Alam na ng hinirang na bayan ng Diyos na hindi lamang maawain at mapagmahal ang disposisyon ng Diyos, kundi, higit pa rito, maharlika at mabagsik at walang pinapalagpas na kasalanan. Mula noong panahon na sinimulan ng Diyos ang gawain ng mga huling araw at nagsimulang nagsalita, wala nang tigil sa paghatol ang bawat uri ng anticristo, masamang tao, masamang espiritu, at maruming demonyo, na nilulusob, nanlilinlang, nambubuyo, nanggagambala, nanggigiba, nangwawasak, lumilikha ng kaligaligan saanman, na humahantong pa sa pag-uusig ayon sa sarili nilang kagustuhan, paninila, pagpaparusa, at pagtitiwalag sa hinirang na bayan ng Diyos, na sinusunog ang bawat iglesia at gumagawa ng kaguluhan. Matagal na nitong nilabag ang disposisyon ng Diyos, at napuno ng galit ang Diyos, at nagsimulang gantimpalaan ang mabubuti at parusahan ang masasama, lubos at ganap na paalisin ang mga mala-satanas na mga demonyong ito, ang mga masasamang espiritu at maruruming demonyong ito. Lubos na madadalisay lamang ang iglesia sa pamamagitan ng pagpuksa sa lahat ng

mga anticristo, masasamang tao, masasamang espiritu at maruruming demonyo, noon lamang ganap na masisiyahan ang puso ng Diyos. Sinasabi ng mga salita ng Diyos, "**Ngayon bumaling na ang Diyos sa gawain ng 'pagsasaayos sa mga tao,' na nagpapakita na ang nais ng Diyos, at ang nagpapalugod sa Diyos, ay hindi ang iglesia ng ngayon, kundi ang kaharian pagkatapos ng pagsasaayos. Sa sandaling ito, nagbibigay Siya ng karagdagang babala sa lahat ng 'mapanganib na mga kalakal': Maliban kung hindi kikilos ang Diyos, sa sandaling magsimulang kumilos ang Diyos, mapapalis ang mga taong ito mula sa kaharian. Hindi kailanman gumagawa ang Diyos ng mga bagay-bagay nang paimbabaw. Palagi Siyang kumikilos ayon sa prinsipyo ng 'ang isa ay isa at ang dalawa ay dalawa,' at, kung may mga ayaw Siyang tingnan, ginagawa Niya ang lahat ng posible upang palisin ang mga ito, upang pigilan silang magsanhi ng problema sa hinaharap. Ito ay tinatawag na 'paglalabas ng basura at lubusang paglilinis'**" ("Kabanata 12" ng Mga Pakahulugan sa mga Hiwaga ng mga Salita ng Diyos sa Buong Sansinukob sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao). Huling hakbang sa gawain ng Diyos sa mga huling araw ang lubos na paglilinis at pagdadalisay sa iglesia. Ganap na inilalahad nito ang disposisyon ng Diyos na walang pinalalagpas na kasalanan. Napagtatanto ng hinirang na bayan ng Diyos na maharlika at mabagsik ang matuwid na disposisyon ng Diyos, at nakikita nila na ang pagbunot ng Diyos sa masasamang pwersa ni Satanas ay Kanyang tunay na pag-ibig at pagliligtas sa tao. Kaya't itinataas nila at pinupuri ang matuwid na Makapangyarihang Diyos mula sa kaibuturan ng kanilang mga puso. Pagkatapos maunawaan ng hinirang na bayan ng Diyos ang Kanyang kalooban, dapat silang maging lubos na matapat sa Diyos sa panahon ng gawain ng paglilinis sa iglesia, at, sa wakas, makidigma sa masasamang pwersa ni Satanas na pinangungunahan ng mga demonyong anticristo at magtataglay ng magaganda at umaalingawngaw na patotoo para sa Diyos upang suklian ang Kanyang pag-ibig at magbigay ng kaaliwan sa Kanyang puso. Ito ang hinihingi ng Diyos, at tungkulin na dapat gampanan at magandang patotoo na dapat taglayin ng mga hinirang ng Diyos.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng

Dapat na makilala at makita nang malinaw ang uri ng mga tao na aalisin at pupuksain, dahil masasamang mga tao na lumalaban sa Diyos ang mga ganito, at wala silang pagmamahal sa katotoohanan. Kahit paano sila tabasin at pakitunguhan, o diligan at sustentuhan, sa huli, mananatili silang hindi makatanggap sa katotohanan, at maaaring magbago ng mga taktika upang gumawa ng kasamaan at lumaban sa Diyos. Walang kagamutan para sa ganitong mga tao, at pinaparusahan ang ilan para sa marami at magkakaibang masasamang gawain nila, at inilalantad, tinatanggal, at itinitiwalag ang ilan. Tatanggalin at itatalaga sa pagkawasak ang lahat ng mga anticristo, masasamang tao, masasamang espiritu at maruruming mga demonyo na pinalalayas dahil sa kanilang marami at magkakaibang masasamang gawain. Sa paglipas ng panahon, bagama't tila hindi sila lubos na masama sa panlabas, ilalahad nilang hindi gumawa ng maraming kasamaan ngunit may diwang kalikasan na walang pagmamahal para sa katotohanan ang kanilang mga sarili, at kapag ginawa nila ito, kailangan silang linisin o itiwalag. Maaaring pahintulutang manatili sa iglesia silang hindi pa malinaw na nakikilala at maaari silang linisin at itiwalag sa sandaling malantad sila. Maaaring manatili ang lahat ng hindi nakagawa ng anumang malaking kasamaan ngunit walang tigil sa maliliit na kasamaan at, matapos na tabasin at pakitunguhan, pinagbuti ang kanilang pag-uugali; kung magpapatuloy silang kumilos ng masama, at ginagawa pa rin ang mga dating kamalian, dapat silang linisin o itiwalag. Tinatanggal at itinatalaga sa pagkawasak ang mga tao sa ilalim ng mga sumusunod na pangyayari: Una, lahat ng hindi kailanman naging seryoso tungkol sa pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, na laging nangliligalig tungkol sa wala, na ginagalit ang mga tao at pinapalayo sila, na bumubuo ng maliliit na grupo at mga gang, na nagiging sanhi ng kaguluhan, na nagdadala ng malaking pinsala sa buhay ng iglesia, na nagiging sanhi upang kamuhian sila ng hinirang na bayan—masasama sila, at kailangang linisin o itiwalag ang mga taong ito, at pakitunguhan sa

sandaling nakilala sila; ikalawa, ang lahat ng hindi nagbigay pansin kailanman sa kanilang dapat pagkaabalahan, na nakakahanap ng maraming dahilan at paumanhin upang makatakas sa kanilang tungkulin, o gumaganap sa kanilang tungkulin nang sapilitan, at sa paggawa nito'y burara at walang-interes, at silang higit nakakasama kaysa sa nakakabuti—sila'y mga mapanghimasok na hindi mananampalataya, mga manggagawa ng kasamaan na nakapasok sa iglesia sa pamamagitan ng pandaraya, at kailangan silang linisin o itiwalag; ikatlo, nakahandang gumanap sa maliit na tungkulin ang ilang tao para lamang magkamit ng mga pagpapala o bigyang lugod ang kanilang mga sarili, ngunit walang bisa ang kanilang ginagawa. Maaaring nakakatanggap sila ng libreng pagkain sa iglesia, ngunit saanman sila magtungo nagiging sanhi sila ng mga pagkagambala at pagkaantala, at walang kasamaang hindi nila gagawin—masasama ang mga taong ito at dapat silang linisin o itiwalag; ikaapat, silang walang ginagawa kundi magdulot ng kahihiyan sa pangalan ng Diyos habang ginagampanan ang kanilang tungkulin, o nakikipagbiruan sa mga kaanib ng kabilang kasarian, na nagwawaldas ng pera, gumagawa ng kalokohan, nagtatakaw sa pagkain at inumin, at labis sa paggastos sa mga handog sa ngalan ng pagganap sa kanilang tungkulin at pagpapalaganap ng ebanghelyo—mga hayop ang mga taong ito na walang pagkatao, at dapat silang linisin o itiwalag. Kung panaka-naka ang mga paglabag ng mga tao, o una pa lamang nilang paglabag, maaari silang mabigyan ng pagkakataong magbulay-bulay sa kanilang sarili. Kung malaking kasalanan ito o palagian silang lumalabag, kailangan silang itiwalag. Maaaring linisin o itiwalag ang mga tao dahil lamang sa hindi pagsisikap para sa katotohanan. Kung hindi rin nila ginagampanang mabuti ang kanilang tungkulin, o kahit ginagampanan nila ang kanilang tungkulin, ngunit palagi silang mayroong mga pansariling layunin at mga bahid, kumikilos sila upang bigyang-lugod ang sarili nilang interes, at patuloy silang nagiging sanhi ng mga paggambala at pagkaantala at kumikilos nang walang ingat, humahantong pa sa labis na paggastos sa mga handog ng Diyos, at nagdudulot ng kahihiyan ang bawat pagkilos nila sa pangalan

ng Diyos, masasama ang mga taong ganito at kailangang tanggalin! Kailangang linisin o itiwalag sila ng anumang iglesiang makatutuklas sa ganitong mga tao.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

Kailangang magtaglay ng normal na pag-iisip, maayos na katinuan at kahandaang pagsikapang matamo ang katotohanan at magtaglay ng kinakailangang kondisyon para maunawaan ang katotohanan ng mga taong tumatanggap sa Kanyang gawain, dahil ang gawain ng Diyos sa mga huling araw ay gawain ng mga salita at gawain ng paghatol at pagkastigo sa sangkatauhan sa pamamagitan ng paghahayag ng katotohanan. Malinaw nating nakikita na pinasok na ang iglesia ng ilang taong hindi talaga nagmamahal sa katotohanan, o ilan na inaalihan pa nga ng demonyo at nagtataglay ng masamang gawain ng mga masasamang espiritu, gayundin ng lahat ng uri ng mga taong may mahinang kaisipan at mga taong may hindi normal na katinuan. Dahil hindi nauunawaan ng mga taong ito ang katotohanan maging sa pinakamaliit na antas, at hindi kayang gampanan ang mga tungkuling kailangan nilang gampanan, kung mananatili sila sa iglesia, magiging pabigat at katitisuran sila, kaya't kailangan silang linisin. Makabubuti sa iglesia at gayundin sa hinirang na bayan ng Diyos ang pagsasagawa nito. Dapat na linisin ng iglesia, higit sa lahat, ang mga sumusunod na uri ng mga tao:

1. Kung ang isang tao'y hindi nagmamahal sa katotohanan at hindi isinasakabuhayan ang buhay iglesia nang pangmatagalan kahit na pinapahintulutan ng kapaligiran ng pamilya ang mga pagtitipon, siya'y hindi mananampalataya at kailangang linisin.

2. Kung ang isang tao'y hindi nagsusumikap para sa katotohanan, hindi talaga ginagampanan ang kanyang tungkulin at naroon lang para mabuo ang bilang, siya'y hindi mananampalataya at kailangang linisin.

3. Kung ang isang tao na dati'y may karamdaman sa pag-iisip o inaalihan ng mga demonyo ay hindi nagtataglay ng normal na katinuan o palaging ginagamit ng masasamang espiritu, hindi niya naaatim ang mga

kalagayan para sa pagtanggap sa gawain ng Diyos, walang paraan upang maunawaan ang katotohanan, at kailangang linisin.

4. Silang may matinding kapansanan, silang may iba't ibang uri ng kakaibang karamdaman at iyong matatanda na mga bingi, malabo ang paningin, manhid at mahina ang utak ay hindi makakaunawa sa katotohanan gaano ka man magbahagi sa kanila, at kailangan silang linisin.

5. Kung ang isang tao'y may mga palagay tungkol sa Diyos, palaging may saloobing mapanghinala, hindi nagsusumikap ni kaunti para sa katotohanan, at nais na sampahan ng demanda ang iglesia o ang mga pinuno ng iglesia dahil sa kanyang sariling mga damdamin ng kawalang kasiyahan, siya'y masama at kailangang linisin.

6. Kung ang isang tao'y kumikilos o nagsasalita sa paraang napakasama na tulad sa mga hindi mananampalataya, at karamihan sa iglesia'y naiinis sa kanya, at nasusuklam sa kanya, siya'y hindi mananampalataya at kailangang linisin.

7. Kung ang isang tao'y nag-iingat ng mga palagay tungkol kay Cristo o sa taong ginamit ng Banal na Espiritu, hindi nakakaunawa sa katotohanan, nalulugod sa pagsunod at labis na pagpuri sa iba, na nagagalak pa nga sa paniniwala sa mga kasinungalingan at mala-diablong pananalita, at madaling malinlang na sumunod sa mga bulaang pinuno, anticristo, at silang ginagamit ng mga masasamang espiritu, sila'y kakatwa at masama at dapat na linisin.

Ang pitong uri ng tao na nabanggit sa taas ay hindi nakakasapat sa mga kalagayan para tanggapin ang gawain ng Diyos at walang paraan na makaunawa sa katotohanan. Kahit naniniwala ang mga taong ito sa Diyos, hindi nila makakamit ang katotohanan at hindi sila maliligtas. Ito ang dahilan kung bakit sila dapat na linisin.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

May mga prinsipyo sa lahat ng gawain na ginagampanan ng tahanan

ng Diyos. May mga prinsipyo para sa pagtataas at paggamit sa mga tao; may mga prinsipyo rin para sa paglilinis at pagtiwalag sa mga tao. Upang panghawakan ang mga bagay-bagay sang-ayon sa mga prinsipyo kapag gumaganap sa gawain ng paglilinis, hindi dapat ibase sa panlabas na pagkilos ng mga tao, kundi dapat na matalos ang diwa ng mga tao; sa ganitong paraan lamang makikilala ng isang tao at mapapakitunguhan sa tamang paraan ang iba, na may bukas na isipan at walang kinikilingan. Umaayon sa kalooban ng Diyos ang ganitong pagkilos. Kapag hindi natin matalos ang diwa ng mga tao, madaling malabag ang mga prinsipyo at mahigpit na gumamit ng isang paraan para sa lahat. Sa ngayon, may ilang mga pinuno at manggagawa na masyadong kakaunting katotohanan ang nauunawaan at hindi nila matalos ang diwa ng karamihan ng mga tao. Kaya't kapag nagbabangon ang mga usapin, labis silang nalilito, at ang magagawa lamang nila ay mahigpit na sumunod sa mga alituntunin. Kaya't hindi sila makapagbibigay ng katiyakan na magagampanan nilang maayos ang gawain ng paglilinis sa mga tao. Bago linisin o itiwalag ng iglesia ang isang tao, kailangan muna nilang lubos na maunawaan ang diwang kalikasan. Sa pinakamaliit, kailangang maunawaan nilang lubos na ang taong ito'y isang taong lubos na hindi nagsusumikap para sa katotohanan, na talagang hindi siya nagtataglay ng budhi at katinuan ng isang normal na tao, na hindi siya magbabago kahit na ilang taon pa siyang maniwala, at hindi gagawa sa kanya ang Banal na Espiritu. Maaari lamang linisin o itiwalag ang taong ito kapag tinanggap ng lahat na siya'y ganito nga. Sa ganitong paraan lamang makatitiyak na hindi makagagawa ng mga pagkakamali. Kung lubos na mauunawaan ng mga tao ang kalooban ng Diyos sa mga salitang maaaring mailigtas, pabayaan, o tanggalin ang mga tao, aangkinin nila ang mga tamang pamamaraan sa paglilinis o pagtitiwalag sa mga tao, na hindi minamali ang sinumang mabuting tao at hindi rin nakakaligtaan ang sinumang masamang tao. Dapat na isalig ng iglesia ang pagpapasya nito kung lilinisin o ititiwalag ang isang tao sa diwa ng taong iyon. Sa ganitong paraan lamang makatitiyak na ginawa ang pagpapasya sang-ayon sa kalooban ng Diyos at walang magagawang

pagkakamali. Halimbawa, ang mga taong inaalihan ng demonyo, mga anticristo na nagpapatuloy sa paghatol sa gawain ng Diyos o sa taong ginagamit ng Banal na Espiritu, silang nagpapatuloy sa kalaswaan o gumagawa ng kasalanang homosekswal, at silang nagpapatuloy sa pagkilos nang walang ingat at gumagambala sa gawain ng tahanan ng Diyos ay ititiwalag na lahat dahil sa pamamagitan ng kanilang diwang kalikasan nakay Satanas sila at hindi sila maaaring maligtas. Sa pagtutukoy ng kanilang diwa, hindi itinalaga at pinili ng Diyos ang mga taong ito kundi mga masasamang tao at mapagsamantala na nakapasok sa tahanan ng Diyos. Kaya't kailangan nating itiwalag ang mga gaya nito. Hindi magiging mali kailanman ang mga ganitong gawa. Ito'y dahil isinasakatuparan ang mga hakbang base sa diwa ng isang tao at hindi sa kanyang panandaliang paglabag. Kung ipinapatupad ang mga ito base lamang sa panandaliang paglabag ng isang tao, marahil ay mapapahamak ang ilang taong gumagawa ng paglabag ngunit makakayang tapat na magsisisi. Hindi pinahintulutan ng sambahayan ng Diyos ang pagtitiwalag ng mga tao na nakagawa ng malaking kasalanan ngunit makakayanang magsisi nang tapat.

Upang tiyakin na kikilos ang iglesia nang tama tungkol sa mga taong itinitiwalag at nililinis nito, dati nang itinadhana na kailangang makuha ang buong pagpayag ng mga pinuno ng iglesia at diakono upang malinis ang isang tao. Kailangan ding makuha ang pagpayag ng 80% ng mga kaanib ng iglesia bago maitiwalag ang isang tao. Kailangang sundin ang prinsipyong ito. Higit pa rito, kung ang sinumang dati nang nilinis o itiniwalag at may medyo mabuting pagkatao, ay naitiwalag nang mali dahil lamang sa isang panandaliang paglabag, maaari siyang anyayahan pabalik upang ipagpatuloy ang kanyang buhay iglesia. Tungkol naman sa mga taong may masamang pagkatao, dapat silang pabayaan nang walang hanggan. Kung matatalos mo ang diwa ng mga tao upang makita kung anong uri ng tao talaga sila, nagiging mas madaling gampanan ang gawain, at mas madaling panghawakan ang mga usapin sang-ayon sa mga prinsipyo.

73. Ang Mga Prinsipyo ng Pagtitiwalag sa Iglesia

(1) Dapat itiwalag ang mga masasamang tao na hindi naman nagmamahal o tumatanggap sa katotohanan, at may kakayahan pa ngang magdulot ng pagkagambala sa buhay-iglesia;

(2) Dapat humarap sa pagkatiwalag ang mga taong ang pagkaunawa ay di-totoo, partikular na mapagmataas, at madalas na nagkikimkim ng mga kuro-kuro at maling-pagkaunawa patungkol sa Diyos at hinahatulan Siya;

(3) Ang mga may walang-tigil na ambisyon na kontrolin ang mga hinirang ng Diyos sa pamamagitan ng panunulsol na hindi sila nasisiyahan sa mga lider at manggagawa ay kabilang sa kategorya ng mga anticristo at dapat humarap sa pagkatiwalag;

(4) Dapat itiwalag ang lahat ng uri ng mga hindi mananampalataya at masasamang tao na hindi man lamang matanggap ang katotohanan o pagtatabas at pagsusuweto, at higit pa rito, may kakayahang gumawa ng iba’t ibang gawang masasama;

(5) Dapat itiwalag ang mga sinasapian ng mga demonyo o sinumang gumagawa ang masasamang espiritu sa kanila, at higit pa rito, ang mga malimit nagkakalat ng kabulaanan, nanlilinlang ng iba at gumagambala sa buhay-iglesia;

(6) Dapat itiwalag, sa lahat ng malulubhang kaso, ang mga malimit na nilulustay o walang-taros na ginagastos ang mga handog sa Diyos at sa ilalim ng sari-saring pagdadahilan, pinag-iimbutan ang mga handog sa Diyos;

(7) Dapat itiwalag ang isang taong napatunayan sa pamamagitan ng ebidensya na madalas pumasok sa mga romantikong relasyon at nambababae, at naging partikular na masama, sa gayon nakapagbibigay ng masamang impluwensiya sa iba, at sa kabila ng paulit-ulit na sinasabihan siya, tumatangging baguhin ang kanyang mga pamamaraan;

(8) Dapat itiwalag ang mga huwad na lider at anticristo na nakagagawa ng mga mabibigat na paglabag sa mga pagkakaayos ng gawain at nagiging tampalasan, na nagdudulot ng kaguluhan sa iglesia at sinisilo ang mga hinirang ng Diyos;

(9) Dapat humarap sa pagkatiwalag ang sinumang magtataksil sa Panginoon o sa kanilang kapwa at sisilo sa iglesia bilang serbisyo sa malaking pulang dragon, sa kabila ng mga nagawa na nilang pagtupad noon;

(10) Kapag itititiwalag na ang isang tao, dapat may sapat na ebidensya ang iglesia na ganap na umaayon sa mga katotohanan, at dapat sang-ayunan ito ng karamihan sa mga kaanib.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Sa bansa ng malaking pulang dragon, nagawa Ko na ang isang yugto ng gawain na hindi maarok ng mga tao, na dahilan upang umindayog sila sa hangin, pagkatapos ay marami ang tahimik na natatangay ng ihip ng hangin. Totoo, ito ang “giikan” na malapit Ko nang linisin; ito ang kinasasabikan Ko at ito rin ang plano Ko. Sapagkat maraming masasamang nakapasok habang gumagawa Ako, ngunit hindi Ako nagmamadaling itaboy sila. Bagkus, ikakalat Ko sila pagdating ng tamang panahon. Pagkatapos lamang noon Ako magiging bukal ng buhay, na nagtutulot sa mga tunay na nagmamahal sa Akin na matanggap mula sa Akin ang bunga ng puno ng igos at ang halimuyak ng liryo. Sa lupain kung saan pansamantalang naninirahan si Satanas, ang lupain ng alikabok, walang nananatiling purong ginto, buhangin lamang, kaya nga, sa pagtugon sa mga sitwasyong ito, ginagawa Ko ang yugtong ito ng gawain. Dapat mong malaman na ang natatamo Ko ay puro at dalisay na ginto, hindi buhangin. Paano makakapanatili ang masasama sa Aking bahay? Paano Ko matutulutan ang mga soro na maging mga parasito sa Aking paraiso? Ginagamit Ko ang lahat ng maiisip na pamamaraan para itaboy ang mga ito. Bago mabunyag ang Aking kalooban, walang nakakaalam sa gagawin Ko. Para masamantala ang pagkakataong ito, itinataboy Ko yaong masasama, at napipilitan silang umalis sa Aking harapan. Ito ang ginagawa

Ko sa masasama, ngunit darating pa rin ang araw na maglilingkod sila sa Akin.

Hinango mula sa “Dumadagundong ang Pitong Kulog—Nagpopropesiya na ang Ebanghelyo ng Kaharian ay Lalaganap sa Buong Sansinukob” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ngayon ay nais Kong gumawa ng isang grupo ng mga tao na kaayon ng Aking puso sa lalong madaling panahon, isang grupo ng tao na kayang isaalang-alang ang Aking mga pasanin. Gayunman, hindi Ko mapigilang linisin at dalisayin ang Aking iglesia; ang iglesia ang puso Ko. Kinasusuklaman Ko ang lahat ng masasamang tao na pinipigilan kayo sa pagkain at pag-inom ng Aking salita. Ito’y dahil may ilang tao na hindi Ako tunay na ninanais. Ang mga taong ito ay puno ng panlilinlang, hindi sila lumalapit sa Akin sa kanilang totoong puso; masasama sila, at sila ang mga taong hinahadlangan ang pagsasagawa ng Aking kalooban; sila ang mga taong hindi nagsasagawa ng katotohanan. Ang mga taong ito ay puno ng pagmamagaling at pagmamataas, ambisyoso silang walang taros, gusto nilang nanlalait, at bagama’t ang mga salitang sinasabi nila ay maganda sa pandinig, pero lihim nilang hindi isinasagawa ang katotohanan. Ang lahat ng masasamang taong ito ay lilipulin at lubusang mapapaalis; manlulupaypay sila sa mga sakuna.

Hinango mula sa “Kabanata 24” ng Mga Pagbigkas ni Cristo sa Pasimula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Yaong mga kapatid na palaging nagbubulalas ng kanilang pagkanegatibo ay mga utusan ni Satanas, at ginugulo nila ang iglesia. Ang mga taong ito balang araw ay kailangang itiwalag at alisin. Sa kanilang paniniwala sa Diyos, kung ang mga tao ay walang pusong nagpipitagan sa Diyos, kung wala silang pusong masunurin sa Diyos, hindi lamang sila hindi makakagawa ng anumang gawain para sa Kanya, kundi bagkus ay magiging mga taong gumagambala sa Kanyang gawain at sumusuway sa Kanya. Ang paniniwala sa Diyos ngunit hindi sumusunod o nagpipitagan sa Kanya, at sa halip ay nilalabanan Siya, ang pinakamalaking kahihiyan para sa isang nananampalataya. Kung natural at walang pagpipigil ang

pananalita at pag-uugali ng mga mananampalataya na tulad ng mga walang pananampalataya, mas masama pa sila kaysa mga walang pananampalataya; sila ay napakatipikal na mga demonyo. Yaong mga nagbubulalas ng kanilang makamandag at malisyosong pananalita sa loob ng iglesia, na nagkakalat ng mga tsismis, nagpupukaw ng kawalan ng pagkakaisa, at iginugrupu-grupo ang mga kapatid—dapat ay natiwalag na sila sa iglesia. Subalit dahil ibang panahon na ngayon ng gawain ng Diyos, hinihigpitan ang mga taong ito, sapagkat tiyak na aalisin sila. Lahat ng nagawang tiwali ni Satanas ay may tiwaling disposisyon. Ang ilan ay walang anumang taglay kundi mga tiwaling disposisyon, samantalang ang iba ay hindi ganito: Hindi lamang sila mayroong tiwali at napakasamang disposisyon, kundi napakamalisyoso rin ng kanilang likas na pagkatao. Hindi lamang nahahayag sa kanilang mga salita at kilos ang kanilang tiwali at napakasamang disposisyon; ang mga taong ito, bukod dito, ang totoong diyablong si Satanas. Ang pag-uugali nila ay nakakaabala at nakakagambala sa gawain ng Diyos, nakakasama sa pagpasok ng mga kapatid sa buhay, at nakakasira sa normal na buhay ng iglesia. Sa malao't madali, ang mga lobong ito na nakadamit-tupa ay kailangang mapalayas; hindi dapat kaawaan at tanggapin ang mga utusang ito ni Satanas. Ito lamang ang pumapanig sa Diyos, at yaong mga hindi nakakagawa nito ay nagtatampisaw sa putikan na kasama ni Satanas. Ang Diyos ay palaging nasa puso ng mga taong tunay na naniniwala sa Kanya, at palagi silang may pusong nagpipitagan sa Diyos, isang pusong nagmamahal sa Diyos. Dapat gawin ng mga naniniwala sa Diyos ang mga bagay-bagay nang maingat at masinop, at lahat ng ginagawa nila ay dapat maging alinsunod sa mga kinakailangan ng Diyos at makalugod sa Kanyang puso. Hindi dapat maging matigas ang kanilang ulo, na ginagawa ang anumang gusto nila; hindi iyan nababagay sa banal na kaangkupan. Hindi dapat magwala ang mga tao, na iwinawagayway ang bandila ng Diyos kung saan-saan habang nagyayabang at nanggagantso kahit saan; ito ang pinakasuwail na uri ng pag-uugali. May mga panuntunan ang mga pamilya, at may mga batas ang mga bansa—hindi ba lalo na sa tahanan ng Diyos? Hindi ba mas

mahigpit pa ang mga pamantayan? Hindi ba mas marami pang atas administratibo? Ang mga tao ay malayang gawin ang gusto nila, ngunit ang mga atas administratibo ng Diyos ay hindi maaaring baguhin kung kailan gustuhin. Ang Diyos ay isang Diyos na hindi nagpaparaya sa kasalanan ng mga tao; Siya ay isang Diyos na pumapatay ng mga tao. Hindi pa ba ito alam talaga ng mga tao?

Bawat iglesia ay may mga taong nagsasanhi ng kaguluhan para sa iglesia o nakikialam sa gawain ng Diyos. Lahat sila ay mga Satanas na nakapasok sa bahay ng Diyos nang nakabalatkayo. Ang gayong mga tao ay mahusay umakto: Humaharap sila sa Akin nang may malaking pagpipitagan, nakayuko at kumakayod, umaasal na parang mga asong galisin, at inilalaan ang kanilang "lahat-lahat" para makamtan ang sarili nilang mga layunin—ngunit sa harap ng mga kapatid, ipinapakita nila ang kanilang pangit na panig. Kapag nakakakita sila ng mga taong nagsasagawa ng katotohanan, pinipintasan nila ang mga ito at itinutulak sa isang tabi; kapag nakakakita sila ng mga taong mas nakakatakot kaysa sa kanila, pinupuri at binobola nila ang mga ito. Nagwawala sila sa loob ng iglesia. Masasabi na ang gayong "lokal na mga maton," ang gayong "mga sipsip," ay umiiral sa karamihan ng mga iglesia. Sama-sama silang kumikilos nang malademonyo, nagpapahatid ng mga kindat at lihim na senyas sa isa't isa, at walang isa man sa kanila ang nagsasagawa ng katotohanan. Sino man ang may pinakamakamandag na lason ay siyang "punong demonyo," at sino man ang may pinakamataas na karangalan ay namumuno sa kanila, at iwinawagayway ang kanilang bandila. Naghuhuramentado ang mga taong ito sa loob ng iglesia, nagkakalat ng kanilang pagkanegatibo, bumubulalas ng kamatayan, ginagawa ang gusto nila, sinasabi ang gusto nila, at walang sinumang nangangahas na pigilan sila. Puno sila ng disposisyon ni Satanas. Katatapos pa lamang nilang manggulo ay pumapasok na ang simoy ng kamatayan sa iglesia. Yaong mga nasa iglesia na nagsasagawa ng katotohanan ay pinalalayas, na hindi ginagawa ang lahat, samantalang yaong mga nanggugulo sa iglesia at nagkakalat ng kamatayan ay nagwawala sa loob—bukod pa riyan,

karamihan sa mga tao ay sumusunod sa kanila. Ang gayong mga iglesia ay pinamumunuan ni Satanas, walang duda; ang diyablo ang kanilang hari. Kung ang mga nagtitipon ay hindi tumatayo at tumatanggi sa mga punong demonyo, sila rin sa malao't madali ay mawawasak. Mula ngayon, kailangang gumawa ng mga hakbang laban sa gayong mga iglesia. Kung hindi ito hahangarin ng mga may kakayahang magsagawa ng kaunting katotohanan, bubuwagin ang iglesiang iyon. Kung walang sinuman sa isang iglesia ang handang magsagawa ng katotohanan at walang sinumang maaaring tumayong saksi para sa Diyos, dapat ay ihiwalay nang lubusan ang iglesiang iyon, at kailangang putilin ang mga koneksyon nito sa ibang mga iglesia. Tinatawag itong "paglilibing sa kamatayan"; ito ang ibig sabihin ng palayasin si Satanas. Kung may ilang lokal na maton sa isang iglesia, at sinusundan sila ng "maliliit na langaw" na lubos na hindi makaintindi, at kung ang mga nagtitipon, kahit nakita na nila ang katotohanan, ay wala pa ring kakayahang tanggihan ang mga gapos at manipulasyon ng mga maton na ito, lahat ng hangal na iyon ay aalisin sa huli. Maaaring walang nagawang kakila-kilabot ang maliliit na langaw na ito, ngunit mas mapanlinlang pa sila, mas tuso at mahusay umiwas, at lahat ng kagaya nito ay aalisin. Wala ni isang matitira! Yaong mga nabibilang kay Satanas ay ibabalik kay Satanas, samantalang yaong nabibilang sa Diyos ay tiyak na hahanapin ang katotohanan; ipinapasiya ito ng kanilang likas na pagkatao. Hayaang mapahamak ang lahat ng sumusunod kay Satanas! Walang habag na ipapakita sa gayong mga tao. Hayaan yaong mga naghahanap sa katotohanan na masustentuhan, at nawa'y masiyahan sila sa salita ng Diyos hangga't gusto nila. Ang Diyos ay matuwid; hindi Siya magpapakita ng paboritismo kaninuman. Kung ikaw ay isang diyablo, wala kang kakayahang magsagawa ng katotohanan; kung ikaw ay isang taong naghahanap sa katotohanan, tiyak na hindi ka mabibihag ni Satanas. Walang kaduda-duda iyan.

Hinango mula sa "Isang Babala sa mga Hindi Nagsasagawa ng Katotohanan" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Nagkasala ang karamihan ng mga tao. Halimbawa, ang ilan ay sumalansang sa Diyos, ang ilan ay naghimagsik laban sa Kanya, ang ilan ay nakapagbitaw ng mga salitang pagrereklamo laban sa Kanya, at ang iba naman ay nakagawa ng mga bagay na nakasira sa iglesia o nakapinsala sa bahay ng Diyos. Paano dapat tratuhin ang mga taong ito? Matutukoy ang kanilang kahihinatnan batay sa kanilang mga kalikasan at di-nagbabagong pag-uugali. Masasama ang ilang mga tao, ang ilan ay hangal, ang ilan ay maloko, at ang ilan naman ay mga halimaw. Magkakaiba ang bawat isa. Sinasapian ng mga masasamang espiritu ang ilang masasamang tao, habang ang iba naman ay mga kampon ng diyablong si Satanas. Kung pag-uusapan ang kanilang mga kalikasan, ang ilan ay partikular na buktot, ang ilan ay partikular na mapanlinlang, ang ilan ay sakim pagdating sa pera, at ang iba naman ay nagpapakasasa sa kahalayan. Magkakaiba ang pag-uugali ng bawat tao, kaya dapat tingnan ang lahat ng tao sa komprehensibong paraan alinsunod sa kanilang indibiduwal na kalikasan at pag-uugali. … Pinakikitunguhan ng Diyos ang bawat tao batay sa kapaligiran at konteksto sa panahong iyon, sa aktuwal na sitwasyon, sa mga ikinilos ng tao, at sa inasal at mga pagpapahayag ng tao. Hindi kailanman gagawan ng Diyos ng mali ang sinumang tao. Ito ang katuwiran ng Diyos.

Hinango mula sa “Sa Anong Batayan Tinatrato ng Diyos ang Mga Tao?” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Kailangang magsimula ang paglilinis ng iglesia sa pagpapatalsik sa limang uri ng mga tao na kailangang maitiwalag. Lahat ng mga anticristong demonyo na palaging ginugulo ang gawain ng iglesia at lumilikha ng kaguluhan ay kailangang puspusang maitiwalag upang pahinahunin ang galit ng publiko at payapain ang Diyos. Nasa ibaba ang isang malinaw na paliwanag ng limang uri ng mga taong kailangang maitiwalag:

1. Kailangang maitiwalag yaong mga tunay na kabilang sa grupo ng mga taong pinaghaharian ng mga demonyo o mayroong malubhang

gawain ng masasamang espiritu. Hindi ito pagkakamali kailanman. Pinaghaharian ng mga demonyo ang lahat ng mga homosekswal na hindi nagsisisi. Likas lamang na dapat din silang maitiwalag. Iba ang dapat na pagtrato sa yaong may kaunting dami lamang ng gawain ng masasamang espiritu. Halimbawa, yaong paminsan-minsang nakapagsalita ng ibang wika, nakakita ng mga pangitain, nakarinig ng mga tinig o nagkaroon ng mga panaginip, at iba pa. Hindi sila nabibilang sa grupo na pinaghaharian ng mga demonyo. Kung hahanapin ng mga taong ito ang katotohanan, tiyak na maaari silang mailigtas. Samakatuwid, talagang hindi pinahihintulutan na itiwalag ang yaong may kaunting dami ng gawain ng masasamang espiritu. Maaaring maitiwalag ang yaong mga kilala ng publiko na pinaghaharian ng mga demonyo, kasama ang yaong malinaw na may gawain ng masasamang espiritu.

2. Kailangang maitiwalag yaong mga tunay na kabilang sa kategoriya ng mga huwad na Cristo at mga anticristo na nanlilinlang ng mga tao. Hindi ito pagkakamali kailanman. Mga huwad na Cristo, mga anticristo, at mga manlilinlang ang lahat ng yaong palaging iniisip na sila mismo ay ang mga panganay na anak na lalaki o mga minamahal na anak ng Diyos at pinapatanggap at pinagpapasakop nila ang mga tao sa kanila, lahat ng yaong nagpapatotoo na sila mismo ay si Cristo o na pinadala ng Diyos upang gumawa ng bagong gawain, lahat ng yaong tinatanggihan ang patnubay ng taong ginamit ng Banal na Espiritu at gumagawa ng iba, lahat ng yaong malimit na hinahatulan ang gawain ng Diyos, nagsasabi ng mga kalapastanganan laban sa Diyos at nagsisimula ng mga usap-usapan na naninira at tumutuligsa sa taong ginagamit ng Banal na Espiritu, at lahat ng yaong tumatanggap ng gawain ng masasamang espiritu, at sumakay na sa barkong iyon ng pirata at nagsimulang linlangin ang mga tao. May ilang mga taong mayroon lamang kaunting mga kuro-kuro pagdating sa Diyos o may kaunting mga pagkiling pagdating sa taong ginagamit ng Banal na Espiritu, subalit wala silang napopoot na puso at may kakayahang hanapin ang katotohanan at sundin ang lahat ng gawain ng Diyos, at tunay na magsisi. Kahit pa paminsan-minsan nagsasabi o may ginagawang mali ang

ganitong uri ng tao, talagang hindi sila kailangang itrato na katulad ng isang anticristo at maitiwalag. Gustong kontrolin ng yaong mga tunay na anticristo ang hinirang na mga tao ng Diyos at magtatag ng isang malayang kaharian. Mayroong yaong hindi sumusunod sa mga pagsasaayos ng gawain mula sa Itaas kapag gumagawa sila ng gawain at sa halip, gumagawa ng bagay na ganap na naiiba o tinatanggihan nga rin ang mga pagsasaayos ng gawain, mga pangaral at mga pagsasalamuha mula sa Itaas batay sa dahilan na naghihinala sila kung ang mga pagsasaayos, mga pangaral at mga pagsasalamuha na ito ay totoo o hindi. Mahigpit nilang kinokontrol ang hinirang na mga tao ng Diyos sa kanilang sariling mga kamay. Tinatanggihan nila ang sentralisadong pagdidilig, mga pagtustos, at pagpapastol ng Itaas. Wagas na mga anticristo ang gayong mga tao. Wala itong pag-aalinlangan. Kailangang mapalitan ang gayong mga pinuno at mga manggagawa. Kailangang maitiwalag ang mga mas malubha.

3. Kailangang maitiwalag yaong mga tunay na kabilang sa grupo ng mga tao na Hudas at ipinagbibili ang kanilang Panginoon at kapwa mga mananampalataya at naglilingkod alang-alang kay Satanas upang mabihag ang kanilang mga kapatid. Hindi ito pagkakamali kailanman. Kung ang isang tao, matapos mabihag, ay kaunting impormasyon lamang ang ipinagtatapat subalit hindi tinutulungan si Satanas na subaybayan at bihagin ang kanilang mga kapatid, at kung medyo mahusay na gumanap sa nakaraan ang taong iyon at nagpakita ng pagsisisi, kung gayon hindi sila dapat itiwalag. Ihiwalay sila ng tatlo hanggang limang buwan upang mapagnilay-nilayan nila ang kanilang mga sarili. Kung walang malaking problema, maaari silang ibalik sa buhay iglesia. Para sa isang tao na masama ang pagkatao at na hindi nakagawa ng kahit anong mabubuting gawa sa nakaraan, kung nabihag sila at sila ay naging Hudas, kung gayon maaari silang maitiwalag. Kung naging kasabwat sila ni Satanas at nagsisilbi sila para sa malaking pulang dragon at tinutulungan itong subaybayan at dakipin ang mga kapatid, kailangang maitiwalag ang taong ito. Hindi mali kailanman na itiwalag ang ganitong mga uri ng tao na

ipinagkakanulo ang Diyos at naglilingkod bilang mga kasabwat ni Satanas upang mapinsala ang hinirang na mga tao ng Diyos.

4. Kailangang maitiwalag yaong mga tunay na masasamang tao. Hindi ito mali kailanman. Mayroong mga sumusunod na uri ng masasamang tao: Mayroong yaong paulit-ulit na ginagambala ang buhay iglesia, bumubuo ng mga pangkat, naghahasik ng pagtatalo, at pinaghihiwalay ang iglesia—mga bulok na mansanas ang mga ito na hindi kayang makisama sa iba at na kinamumuhian ng lahat; kabilang sa isa pang uri ng masasamang tao ang yaong mga may kakayahang ihabla ang iglesia o ang mga pinuno nito—kayang gumawa ng lahat ng uri ng masamang mga bagay ang gayong mga tao; kabilang sa isa pang grupo ang yaong palagiang nakikiapid, tumatangging magsisi, at negatibong nakakaimpluwensya sa mga tao; at panghuli, mayroong yaong, para mapangalagaan ang kanilang personal na katayuan, ay may kakayahang walang-ingat na pigilin at bitagin ang hinirang na mga tao ng Diyos, at kaya ring basta-basta itiwalag ang iba, at na ikinategorya bilang mga anticristo. Tunay na masasamang tao ang ganitong uri ng mga tao. Tanging yaong kinilala ng publiko at napagpasyahan ng lahat sa iglesa na masama ang dapat maitiwalag. Para naman sa mga taong isang beses lamang nakagawa ng masamang gawa, nakagawa ng isang paglabag, o nakagawa ng pagkakasala laban sa isang pinuno, kailangang hindi maitiwalag bilang masasamang tao ang mga taong nasa gayong mga sitwasyon. Kabilang ang isang beses na paggawa ng isang masamang kilos sa kaparehong kategorya ng isang paglabag. Hindi ito nangangahulugang masama ang tao. Yaong mga gumagawa ng marami at iba’t ibang mga kasamaan lamang ang masasamang tao. Kung nakagawa ng paglabag ang isang tao, hangga’t may kakayahan silang magsisi, mayroon pa rin silang pag-asang mailigtas. Talagang hindi dapat maitiwalag ang gayong tao. Tanging yaong mga kilala ng publiko na masasamang tao ang dapat na maitiwalag.

5. Kailangang maitiwalag yaong mga nag-aaksaya, nagnanakaw, naglulustay, at dumadaya sa mga handog sa iglesia ng Diyos. Hindi mali kailanman na gawin ito. Maaaring makategorya bilang mga taong

nagnanakaw ng mga handog ang lahat ng yaong mga nag-aaksaya, naglulustay, at dumadaya sa mga handog sa iglesia ng Diyos, o ipinapasa ang mga handog na iyon sa masasamang espiritu, mga anticristo, o masasamang tao, o nakikita na nasa panganib ang naturang mga handog subalit hindi agad pinakitunguhan ang sitwasyon, na humahantong sa malaking kawalan para sa bahay ng Diyos. Kailangang maitiwalag ang lahat ng gayong mga tao. Kailangang maitiwalag lalo na yaong mga dumispalko ng malaking halaga ng salapi mula sa bahay ng Diyos, at kailangan ding habulin upang bayaran ang kanilang mga utang at bayaran ang iglesia sa anumang gastusing naging sanhi nito. Kung ang isang tao ay hindi wastong nagamit ang salapi at sa gayon ay napintasan ng lahat, isa itong paglabag at dapat na iba ang maging pakitungo. Dapat na mabigyan ang indibidwal na ito ng pagkakataong magsisi. Ito ang nararapat na paraan ng pakikitungo sa gayong sitwasyon.

Ang limang uri ng mga taong nakatala sa itaas ay ang mga uri na kailangang itiwalag ng iglesia. Ang lahat ng yaong nahuhulog sa mga kategoryang ito ay mga taong inalis ng gawain ng Diyos sapagkat wala na silang lunas. Hindi lamang magiging ganap na walang silbi ang gayong mga tao kung mananatili sila sa bahay ng Diyos, subalit magdudulot din sila ng walang katapusang kaguluhan, dahil hindi sila nagtataglay ng pagkatao, wala ni katiting na paggalang para sa Diyos, at ganap na katulad ni Satanas. Bagaman ang ginagawa ng mga taong ito ay katulad ng pagpapahayag ng panlabas na katiwalian, hindi sila mga taong tunay na naniniwala sa Diyos, lalong hindi mga taong minamahal at hinahanap ang katotohanan, at wala sila sa kategorya ng mga taong maililigtas ng Diyos. Tulad ng nakasaad sa mga salita ng Diyos: "**Lahat ng nagawang tiwali ni Satanas ay may tiwaling disposisyon. Ang ilan ay walang anumang taglay kundi mga tiwaling disposisyon, samantalang ang iba ay hindi ganito: Hindi lamang sila mayroong tiwali at napakasamang disposisyon, kundi napakamalisyoso rin ng kanilang likas na pagkatao. Hindi lamang nahahayag sa kanilang mga salita at kilos ang kanilang tiwali at napakasamang disposisyon; ang mga taong ito, bukod dito, ang totoong diyablong si Satanas**" ("Isang Babala sa mga Hindi

Nagsasagawa ng Katotohanan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao), Kailangang malaman ng hinirang na mga tao ng Diyos kung paano maaaninaw ang tunay na diyablong si Satanas. Ang mga taong totoong naniniwala sa Diyos at sa diyablong si Satanas ay parehong nagpapakita ng mga pagpapamalas ng pagkakaroon ng tiwaling disposisyon, subalit ano ang mahalagang pagkakaiba sa pagitan nila? Ito ang katanungan na kailangang maarok ng hinirang na mga tao ng Diyos. Para sa mga taong totoong naniniwala sa Diyos, pagkatapos nilang maniwala ng ilang taon at magsimulang maunawaan ang katotohanan, makakakamtan sila ng kaunting kaalaman sa kanilang sariling mga tiwaling disposisyon at makakakamit ng kaunting paggalang sa Diyos. Kahit na maaaring wala silang anumang tunay na pag-unawa sa katotohanan, hindi sila makagagawa ng mga bagay na halatang masama at salungat sa Diyos. Bukod doon, kapag naharap sila sa pagtatabas at napakitunguhan, nahatulan at nakastigo, o nasubok at napino, makikilala nila ang kanilang mga sarili at makakaramdam ng totoong mataos na pagsisisi, at magagawa nilang kamuhian ang kanilang sarili, hamakin si Satanas, at sumailalim sa ilang totoong pagsisisi at pagbabago. Ito ang katibayan na ang mga taong tunay na naniniwala sa Diyos ay maaaring mailigtas. Tingnan naman natin ang diyablong si Satanas. Hindi nila kailanman tinatanggap ang katotohanan o nagninilay sa sarili upang makilala ang kanilang mga sarili sa kabila ng kung gaano karaming kasamaan ang kanilang nagagawa o kung gaano karaming pagtatabas at pakikitungo ang kanilang hinaharap. Hindi umiral kailanman sa kanilang diksyunaryo ang salitang “pagsisisi”. Ito ang pagkakaiba sa pagitan ng kalikasang diwa ng tunay na diyablong si Satanas at ng mga tiwaling tao na kayang hanapin ang katotohanan. Kung makikilala sila nang ganito ng hinirang na mga tao ng Diyos, kung gayon malalaman nila kung aling mga tao ang maaaring mailigtas at kung alin ang tunay na diyablong si Satanas at hindi na maililigtas.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Mga anticristong demonyo ang yaong lumilikha ng lahat ng uri ng kaguluhan na gumugulo at gumagambala sa gawain ng Diyos at lubhang nakakaapekto sa gawain ng iglesia at buhay iglesia. Mga anticristong demonyo na direktang lumalaban sa Diyos ang yaong humahatol sa gawain ng Diyos at nagpapakalat ng mga kuro-kuro tungkol sa Diyos. Mga anticristong demonyo na direktang lumalaban sa Diyos ang yaong tumutuligsa, humahatol at sinisiraan ang taong ginamit ng Banal na Espiritu. Para naman sa yaong nagpapakalat ng mga kamalian katulad ng mga kasabihang, “ang gawain ng taong ginamit ng Banal na Espiritu ay gawain ng tao; kailangan nating makinig sa Diyos, hindi sa tao,” o “kahit ang taong ginamit ng Banal na Espiritu ay tiwali; Diyos lamang ang pinapakinggan namin, hindi tao,” at iba pa, upang linlangin at gambalain ang iba at magdulot sa kanilang pagsuway sa mga pagsasaayos ng bahay ng Diyos, ang gayong mga tao ay mga anticristong demonyo. Mga anticristong demonyo yaong hinahatulang huwad ang lahat ng mga pinuno at mga manggagawa sa iba’t ibang antas, na pinaglalaruan ang mga ugnayan ng hinirang na mga tao ng Diyos at mga pinuno at mga manggagawa sa lahat ng antas, at na matimtimang ginagambala at ginugulo ang gawain ng iglesia. Kailangang maitiwalag lahat mula sa iglesia ang mga anticristong demonyo, upang wala ni isa ang matira! Yaong mga maniniktik at mga kasabwat at mga sukdulang panatikong tagasunod ng mga anticristong demonyo ay kabilang sa parehong uri ng sa mga anticristong demonyo. Talagang hindi sila mga taong dinadaya o sinasamantala. Kailangan silang maitiwalag kasama ang mga anticristong demonyo at ganap na hindi mabigyan ng pagkakataong magsisi. Ang mga taong maaaring ikategorya bilang tunay na nadaya ng mga anticristo ay tanging yaong mga bagong mananampalataya na hindi talaga nauunawaan ang katotohanan at walang pag-aninaw, at na tunay na naniniwala sa Diyos at may pagkamabuting pagkatao. Kailangan silang mabigyan ng pagkakataong magsisi. Maaaring malibre mula sa pagpaparusa para sa kanilang mga nakaraang pagkilos yaong sumunod sa mga anticristo subalit hindi nakagawa ng anumang matinding kasamaan, na natuklasan na mga

masasamang tao na walang katotohanan ang mga anticristo, at kalaunan ay tinalikuran ang mga anticristo at bumalik sa tamang landas. Para naman sa yaong sumunod sa mga pangkat ng mga anticristo na gumawa ng kasamaan, nandadaya at nanghihingi sa mga tao sa nakaraan, at na nagambala ang gawain ng iglesia, maaari lamang silang malibre mula sa pagtitiwalag kung magpapakita sila ng tunay na pagsisisi, ilalantad ang masasamang gawa ng mga anticristo, at lantaran silang susumpain at tutuligsain; kung hindi, kailangan silang maitiwalag lahat. Talagang hindi tinatanggap ng ilang mga tao ang pagtatabas at pakikitungo, at tumatangging tanggapin ang katotohanan kahit paano pa man ipagsalamuha sa kanila ang tungkol dito ng mga pinuno at mga manggagawa sa iba't ibang antas; hindi kailanman nagninilay sa sarili nila ang gayong mga tao, at wala talagang layuning magsisi. Bukod doon, nilalabanan at binabatikos din nila ang mga pinuno at mga manggagawa sa iba't ibang antas, itinuturing sila bilang mga tinik sa kanilang mga tagiliran; labis nilang kinamumuhian ang katotoohanan at lahat ng antas ng mga pinuno at mga manggagawa, at isinasagawa ang salawikaing, "yaong nagpapasakop ay uunlad; yaong lumalaban ay mamamatay," walang pagsisiwalat o pamimintas na pinapalampas mula sa sinuman, na para bang sila ay mga santong walang anumang katiwalian. Kumikilos pa sila na tulad ng mga magnanakaw na sumisigaw ng "Magnanakaw!" upang makagawa ng sarili nilang pagtakas, habang pinaparatangan at isinasangkalan ang iba. Umaakto na kasing hindi makatwiran ng mga hayop ang gayong mga tao, at ang kanilang tunay na masama at kasuklam-suklam na satanistang mga mukha ay matagal nang nailantad. Mga anticristong demonyo talaga sila, na kailangang maitiwalag upang ganap na malutas ang anumang kaguluhan sa loob ng iglesia.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

May mga prinsipyo sa lahat ng gawain na ginagampanan ng tahanan ng Diyos. May mga prinsipyo para sa pagtataas at paggamit sa mga tao;

may mga prinsipyo rin para sa paglilinis at pagtiwalag sa mga tao. Upang panghawakan ang mga bagay-bagay sang-ayon sa mga prinsipyo kapag gumaganap sa gawain ng paglilinis, hindi dapat ibase sa panlabas na pagkilos ng mga tao, kundi dapat na matalos ang diwa ng mga tao; sa ganitong paraan lamang makikilala ng isang tao at mapapakitunguhan sa tamang paraan ang iba, na may bukas na isipan at walang kinikilingan. Umaayon sa kalooban ng Diyos ang ganitong pagkilos. Kapag hindi natin matalos ang diwa ng mga tao, madaling malabag ang mga prinsipyo at mahigpit na gumamit ng isang paraan para sa lahat. Sa ngayon, may ilang mga pinuno at manggagawa na masyadong kakaunting katotohanan ang nauunawaan at hindi nila matalos ang diwa ng karamihan ng mga tao. Kaya't kapag nagbabangon ang mga usapin, labis silang nalilito, at ang magagawa lamang nila ay mahigpit na sumunod sa mga alituntunin. Kaya't hindi sila makapagbibigay ng katiyakan na magagampanan nilang maayos ang gawain ng paglilinis sa mga tao. Bago linisin o itiwalag ng iglesia ang isang tao, kailangan muna nilang lubos na maunawaan ang diwang kalikasan. Sa pinakamaliit, kailangang maunawaan nilang lubos na ang taong ito'y isang taong lubos na hindi nagsusumikap para sa katotohanan, na talagang hindi siya nagtataglay ng budhi at katinuan ng isang normal na tao, na hindi siya magbabago kahit na ilang taon pa siyang maniwala, at hindi gagawa sa kanya ang Banal na Espiritu. Maaari lamang linisin o itiwalag ang taong ito kapag tinanggap ng lahat na siya'y ganito nga. Sa ganitong paraan lamang makatitiyak na hindi makagagawa ng mga pagkakamali. Kung lubos na mauunawaan ng mga tao ang kalooban ng Diyos sa mga salitang maaaring mailigtas, pabayaan, o tanggalin ang mga tao, aangkinin nila ang mga tamang pamamaraan sa paglilinis o pagtitiwalag sa mga tao, na hindi minamali ang sinumang mabuting tao at hindi rin nakakaligtaan ang sinumang masamang tao. Dapat na isalig ng iglesia ang pagpapasya nito kung lilinisin o ititiwalag ang isang tao sa diwa ng taong iyon. Sa ganitong paraan lamang makatitiyak na ginawa ang pagpapasya sang-ayon sa kalooban ng Diyos at walang magagawang pagkakamali. Halimbawa, ang mga taong inaalihan ng demonyo, mga

anticristo na nagpapatuloy sa paghatol sa gawain ng Diyos o sa taong ginagamit ng Banal na Espiritu, silang nagpapatuloy sa kalaswaan o gumagawa ng kasalanang homosekswal, at silang nagpapatuloy sa pagkilos nang walang ingat at gumagambala sa gawain ng tahanan ng Diyos ay ititiwalag na lahat dahil sa pamamagitan ng kanilang diwang kalikasan nakay Satanas sila at hindi sila maaaring maligtas. Sa pagtutukoy ng kanilang diwa, hindi itinalaga at pinili ng Diyos ang mga taong ito kundi mga masasamang tao at mapagsamantala na nakapasok sa tahanan ng Diyos. Kaya't kailangan nating itiwalag ang mga gaya nito. Hindi magiging mali kailanman ang mga ganitong gawa. Ito'y dahil isinasakatuparan ang mga hakbang base sa diwa ng isang tao at hindi sa kanyang panandaliang paglabag. Kung ipinapatupad ang mga ito base lamang sa panandaliang paglabag ng isang tao, marahil ay mapapahamak ang ilang taong gumagawa ng paglabag ngunit makakayang tapat na magsisisi. Hindi pinahintulutan ng sambahayan ng Diyos ang pagtitiwalag ng mga tao na nakagawa ng malaking kasalanan ngunit makakayanang magsisi nang tapat.

Upang tiyakin na kikilos ang iglesia nang tama tungkol sa mga taong itinitiwalag at nililinis nito, dati nang itinadhana na kailangang makuha ang buong pagpayag ng mga pinuno ng iglesia at diakono upang malinis ang isang tao. Kailangan ding makuha ang pagpayag ng 80% ng mga kaanib ng iglesia bago maitiwalag ang isang tao. Kailangang sundin ang prinsipyong ito. Higit pa rito, kung ang sinumang dati nang nilinis o itiniwalag at may medyo mabuting pagkatao, ay naitiwalag nang mali dahil lamang sa isang panandaliang paglabag, maaari siyang anyayahan pabalik upang ipagpatuloy ang kanyang buhay iglesia. Tungkol naman sa mga taong may masamang pagkatao, dapat silang pabayaan nang walang hanggan. Kung matatalos mo ang diwa ng mga tao upang makita kung anong uri ng tao talaga sila, nagiging mas madaling gampanan ang gawain, at mas madaling panghawakan ang mga usapin sang-ayon sa mga prinsipyo.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng

IV. Tungkol sa Mga Prinsipyo sa Pagganap ng Tao sa Kanyang Tungkulin

74. Ang Mga Prinsipyo sa Pagharap sa Tungkulin ng Isang Tao

(1) Ang tungkulin ay isang tagubilin mula sa Diyos at ang misyon ng isang nilikha. Ang pagganap dito ay itinalaga ng Langit at kinilala ng lupa; ang hindi pagganap sa tungkulin ng isang tao ay isang karumal-dumal na pagtataksil;

(2) Ang mga tungkuling ibinibigay ng Diyos sa tao ay hindi nahahati sa malalaki at maliliit na tungkulin, hindi rin sa matataas at mababababang tungkulin. Dapat na matanggap ng isang tao ang kanilang tungkulin mula sa Diyos; tanging ang pagganap dito nang mabuti ang pagtataglay ng konsensya at katinuan;

(3) Ang pagganap ng isang tao sa kanilang tungkulin ay hindi dapat sumailalim sa mga kahadlangan ng kanilang hinaharap o kapalaran. Dapat na harapin ng isang tao ang kanilang tungkulin nang may mapagpasakop na pag-iisip at isang positibo, nakikipagtulungang pag-uugali;

(4) Habang ginaganap ang kanilang tungkulin, dapat ay madalas na pagnilayan ng tao ang mga paraan kung paanong nakapipinsala ang sarili nilang mga motibo sa kanilang pagganap. Hanapin ang katotohanan upang agad na maharap ang mga kapinsalaang iyon, at makarating sa lugar kung saan mahaharap mo nang maayos ang iyong tungkulin.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Bilang mga miyembro ng sangkatauhan at tapat na mga Kristiyano, pananagutan at obligasyon nating lahat na ialay ang ating isipan at katawan para sa katuparan ng tagubilin ng Diyos, dahil ang ating buong pagkatao ay nagmula sa Diyos, at ito ay umiiral salamat sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos. Kung ang mga isipan at katawan natin ay hindi

para sa tagubilin ng Diyos at hindi para sa matuwid na kapakanan ng sangkatauhan, ang ating mga kaluluwa'y hindi magiging karapat-dapat sa mga taong naging martir para sa tagubilin ng Diyos, at mas hindi karapat-dapat sa Diyos, na naglaan sa atin ng lahat ng bagay.

Hinango mula sa "Ang Diyos ang Namumuno sa Kapalaran ng Buong Sangkatauhan" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung paano mo tinuturing ang mga tagubilin ng Diyos ay napakaseryosong bagay! Kung hindi mo makukumpleto ang ipinagkatiwala sa iyo ng Diyos, hindi ka nababagay na mabuhay sa piling Niya at dapat kang parusahan. Batas ng Langit at prinsipyo sa lupa na kumpletuhin ng mga tao ang anumang mga tagubiling ipinagkakatiwala ng Diyos sa kanila; ito ang pinakamataas nilang responsibilidad, na kasinghalaga ng kanilang mismong buhay. Kung hindi mo sineseryoso ang mga tagubilin ng Diyos, pinagtataksilan mo Siya sa pinakamabigat na paraan; dahil dito, mas kaawa-awa ka kaysa kay Judas, at dapat na isumpa. Kailangang magtamo ang mga tao ng ganap na pagkaunawa kung paano titingnan ang ipinagkakatiwala sa kanila ng Diyos at kailangan nilang maunawaan man lang na ang mga tagubiling ipinagkakatiwala Niya sa sangkatauhan ay mga pagdakila at mga espesyal na pabor mula sa Diyos; napakaluwalhating bagay ang mga ito. Ang lahat ng iba pa ay maaaring talikuran; kahit pa kailanganing isakripisyo ng isang tao ang kanyang sariling buhay, kailangan niya pa ring tuparin ang tagubilin ng Diyos.

Hinango mula sa "Paano Malalaman ang Kalikasan ng Tao" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Walang kaugnayan sa pagitan ng tungkulin ng tao at kung siya ay pinagpala o isinumpa. Ang tungkulin ay kung ano ang nararapat tuparin ng tao; ito ang tungkuling bigay sa kanya ng langit, at hindi dapat umasa sa gantimpala, mga kundisyon, o mga dahilan. Saka lamang niya nagagawa ang kanyang tungkulin. Ang mapagpala ay kapag ang isang tao ay nagawang perpekto at nagtatamasa ng mga biyaya ng Diyos matapos magdanas ng paghatol. Ang maisumpa ay kapag ang disposisyon ng isang

tao ay hindi nagbabago matapos silang magdanas ng pagkastigo at paghatol, iyon ay kapag hindi pa sila nagawang perpekto kundi pinarusahan. Ngunit napagpala man sila o naisumpa, dapat tuparin ng mga nilalang ang kanilang tungkulin, gawin ang dapat nilang gawin, at gawin ang kaya niyang gawin; ito ang pinakamaliit na bagay na dapat gawin ng isang tao, isang taong naghahanap sa Diyos. Hindi mo dapat gawin ang iyong tungkulin para lamang mapagpala, at hindi ka dapat tumangging kumilos dahil sa takot na maisumpa. Sasabihin Ko sa inyo ang isang bagay na ito: Ang pagganap ng tao sa kanyang tungkulin ang dapat niyang gawin, at kung hindi niya kayang gampanan ang kanyang tungkulin, ito ang kanyang pagkasuwail. Sa pamamagitan ng proseso ng paggawa ng kanyang tungkulin unti-unting nagbabago ang tao, at sa pamamagitan ng prosesong ito niya ipinamamalas ang kanyang katapatan. Sa gayon, kapag mas nagagawa mo ang iyong tungkulin, mas maraming katotohanan kang matatanggap, at magiging mas totoo ang iyong pagpapahayag. Yaong mga gumagawa para matapos na lamang ang kanilang tungkulin at hindi hinahanap ang katotohanan ay aalisin sa bandang huli, sapagkat ang gayong mga tao ay hindi ginagawa ang kanilang tungkulin sa pagsasagawa ng katotohanan, at hindi isinasagawa ang katotohanan sa pagtupad ng kanilang tungkulin. Sila yaong mga nananatiling hindi nagbabago at isusumpa. Hindi lamang marumi ang kanilang mga pagpapahayag, kundi masama ang lahat ng kanilang ipinapahayag.

Hinango mula sa “Ang Pagkakaiba sa Pagitan ng Ministeryo ng Diyos na Nagkatawang-tao at ng Tungkulin ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Paano nabubuo ang tungkulin? Sa malawak na pananalita, nabubuo ito bilang bunga ng gawaing pamamahala ng Diyos na naghahatid ng kaligtasan sa sangkatauhan; sa tiyakang pananalita, habang nahahayag sa sangkatauhan ang gawaing pamamahala ng Diyos, umuusbong ang sari-saring gawain na dapat isagawa, at kinakailangan ng mga ito na magtulungan ang mga tao at tapusin ang mga ito. Dahil dito, umusbong ang mga responsibilidad at mga misyon na dapat tuparin ng mga tao, at

ang mga responsibilidad at mga misyon na ito ang mga tungkuling iginagawad ng Diyos sa sangkatauhan. Samakatuwid, sa tahanan ng Diyos, ang iba't ibang gawain na nangangailangan ng pagtutulungan ng mga tao ay ang mga tungkuling dapat nilang tuparin. Kaya't may mga pagkakaiba ba sa pagitan ng mga tungkulin kung ang pag-uusapan ay kung alin ang higit na mabuti at higit na masama, mataas at mababa, malaki at maliit? Hindi umiiral ang ganoong mga pagkakaiba; hangga't ang isang bagay ay may kinalaman sa gawaing pamamahala ng Diyos, isang pangangailangan sa pagsasakatuparan ng Kanyang gawain, o isang pangangailangan sa gawain sa Kanyang tahanan, ito ay tungkulin ng isang tao. Ito ang kabuluhan at pinagmulan ng tungkulin.

Hinango mula sa "Ano ang Sapat na Pagtupad ng Tungkulin?" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang bagay na pinakatuwiran at kapansin-pansing sumasalamin sa ugnayang nagdurugtong sa iyo sa Diyos ay kung paano mo ituring ang mga bagay na ipinagkatiwala sa iyo ng Diyos at ang mga gawaing iniaatas sa iyo, at ang ugali na mayroon ka. Ang pinakatuwirang mapagmamatyagan ay ang usaping ito. Kapag naunawaan mo ang napakahalagang puntong ito at natupad ang gawaing ibinigay sa iyo ng Diyos, ang relasyon mo sa Diyos ay magiging normal. Kung, sa pagkakatiwala sa iyo ng Diyos ng isang gawain, o pagsasabi sa iyo na gampanan mo ang isang tiyak na tungkulin, ang iyong ugali ay pabaya at walang pakialam, at hindi mo ito nakikita bilang isang prayoridad, hindi ba ito mismo ang kabaligtaran ng pagbibigay ng buong puso at lakas? Kaya ang iyong pag-uugali kapag gumaganap ng iyong tungkulin ay napakahalaga, tulad din ng paraan at landas na iyong pinipili. Ano ang bunga ng pagganap ng iyong tungkulin sa paraang pabaya at walang interes, at itinuturing ito na tila walang halaga? Ito ang hindi magandang pagganap ng iyong tungkulin, bagama't may kakayahan kang gampanan ito nang maayos—ang iyong pagganap ay hindi aabot sa pamantayan, at ang Diyos ay hindi masisiyahan sa iyong pag-uugali sa iyong tungkulin.

Kung, sa una, nagsikap at nakipagtulungan ka nang normal; kung inilaan mo dito ang lahat ng iyong iniisip; kung iniukol mo ang iyong puso at kaluluwa sa paggawa nito, at iniukol ang lahat ng iyong pagsisikap dito, at naglaan ng panahon ng iyong paggawa, iyong pagsusumikap, at iyong mga saloobin dito, o naglaan ng ilang oras sa mga sanggunian, at itinuon ang buo mong pag-iisip at katawan dito; kung ikaw ay nagkaroon ng kakayahang makipagtulungan nang gayon, ang Diyos ay mauuna, gumagabay sa iyo. Hindi mo kailangan magpilit nang labis; kapag nakikipagtulungan ka nang mabuti, inaayos na ng Diyos ang lahat para sa iyo. Kung ikaw ay tuso at madaya, at, sa kalagitnaan ng gawain, nagbabago ang iyong isip at naliligaw, ang Diyos ay hindi magpapakita ng interes sa iyo; mawawala sa iyo ang pagkakataong ito, at sasabihin ng Diyos, “Ikaw ay hindi sapat, ikaw ay walang silbi. Tumayo ka sa tabi. Gusto mo ng pagiging tamad, ano? Gusto mo ang pagiging mapanlinlang at tuso, hindi ba? Gusto mong namamahinga? Kung gayon, magpahinga ka.” Ibibigay ng Diyos ang biyaya at pagkakataon sa kasunod na tao. Ano ang sasabihin ninyo: Ito ba ay isang pagkatalo o isang panalo? Ito ay isang napakalaking kalugihan!

Hinango mula sa “Paano Lulutasin ang Suliranin ng Pagiging Pabaya at Kawalang ng Sigla Habang Gumaganap sa Iyong Tungkulin” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Itinuturing ng ilang tao bilang puhunan ang pagtupad nila sa kanilang mga tungkulin, itinuturing naman ng ilan na pansariling gawain ang pagtupad sa kanilang mga tungkulin, at itinuturing ng ilan ang pagtupad sa kanilang mga tungkulin bilang sarili nilang gawain, mga negosyo, o pansariling mga bagay, o itinuturing ang isang tungkulin bilang isang uri ng pampalipas-oras, aliwan, o libangan upang mag-ubos ng oras. Sa madaling salita, anuman ang iyong saloobin tungkol sa iyong tungkulin, kung hindi mo ito tinanggap mula sa Diyos, at kung hindi mo nagagawang ituring ito bilang isang gawain na dapat gawin ng isang nilikhang nakapalooob sa gawaing pamamahala ng Diyos o isang bagay na dapat ay nakikipagtulungan ka, ang ginagawa mo ay hindi pagtupad sa iyong

tungkulin. Bakit Ko inilalatag ang mga paksang ito? Anong mga suliranin ang sinusubukan Kong lutasin sa pagbabahagi tungkol sa mga ito? Tinatangka Kong ayusin ang mga di-wastong saloobin ng mga tao patungkol sa kanilang mga tungkulin. Kapag naunawaan na nila ang mga katotohanang ito, unti-unting aayon sa katotohanan at tatalima sa mga prinsipyo nito, gayundin sa mga hinihingi ng Diyos, ang mga saloobin nila patungkol sa kanilang mga tungkulin. Kahit papaano, dapat umaayon sa katotohanan at mga hinihingi ng Diyos ang inyong pananaw at saloobin hinggil sa iyong tungkulin. Ang mga tungkulin ay mga atas na ipinagkakatiwala ng Diyos sa mga tao; ang mga ito ay mga misyong dapat tapusin ng mga tao. Gayunman, ang tungkulin ay hindi gawaing personal mong pinamamahalaan, ni pambalanse sa iyong pamumukod-tangi sa maraming tao. Ginagamit ng ilang tao ang kanilang mga tungkulin bilang mga oportunidad ng sariling pamamahala at bumubuo ng mga pangkat; ang ilan upang tugunan ang kanilang mga pagnanais; ang ilan upang punan ang mga kahungkagang nadarama nila sa kanilang kaloob-looban; at ang ilan upang masapatan ang kanilang mentalidad na tamang magtiwala sa swerte, iniisip na hangga't ginagampanan nila ang kanilang mga tungkulin, magkakaroon sila ng bahagi sa tahanan ng Diyos at sa kamangha-manghang hantungang isinasaayos ng Diyos para sa tao. Ang ganoong mga pag-uugali tungkol sa tungkulin ay hindi tama; niyayamot nito ang Diyos at dapat kaagad iwasto.

Hinango mula sa "Ano ang Sapat na Pagtupad ng Tungkulin?" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Dapat pakitunguhan ng mga tao ang kapwa tungkulin at Diyos nang may matapat na puso—ito ang pinakamataas na karunungan. Anong ugali ang dapat taglayin ng mga tao sa pagtrato sa Diyos nang may matapat na puso? Dapat gugulin ng mga ang kanilang sarili para sa Diyos sa kanilang tungkulin nang hindi tinatanong kung magdadala ito sa kanila ng sakuna o pagpapala, nang hindi gumagawa ng mga kondisyon, at sa pamamagitan ng pagpapasakop sa mga pagsasaayos ng Diyos; ang gayong tao ay

nagtataglay ng matapat na puso. Ang mga nag-aalinlangan ba lagi, laging gumagawa ng mga kundisyon, at sumasali sa walang tigil na pagsasaliksik ay nagtataglay ng matapat na puso? Ano ang nasa loob ng puso ng gayong tao? Sa loob ng kanilang puso ay mayroong pandaraya at kasamaan, at palagi silang sumasali sa pananaliksik. Kapag may nangyaring nakakaapekto sa kanilang mga personal na interes, pinag-isipan nila: “Anong iniisip ng Diyos nang gawin Niya sa akin ang bagay na ito at nang inayos Niya ang sitwasyong ito para sa akin? Ito ba ay bagay na nangyari sa ibang tao? Matapos ko itong pagdaanan, ano ang mga kahihinatnan nito?” Sinasaliksik nila ang mga katanungang ito; sinasaliksik nila kung ano ang maaari makuha o mawala nila, kung ang bagay bang hawak nila ay magdadala sa kanila ng sakuna o pagpapala. Sa sandaling simulan nilang magsaliksik sa mga katanungang ito, may kakayahan ba silang isagawa ang katotohanan? May kakayahan ba silang sumunod sa Diyos? (Wala.) Kapag nagsimula sila ng tungkulin, sinasaliksik nila ito at tinanong: “Magdurusa ba ako kung isasagawa ko ang tungkuling ito? Kailangan ko bang gumugol ng maraming oras sa malayo, at makakakuha ba ako ng palagiang pagkain at pamamahinga? At anong uri ng mga tao ang makaka-ugnay ko?” Bagaman sa labas ay tinatanggap nila ang tungkuling ito, sa kanilang puso ay nagtataglay sila ng panlilinlang at patuloy na nagsasaliksik ng mga ganoong bagay. Sa katunayan, lahat ng mga bagay na ito na kanilang sinasaliksik ay nauugnay sa kanilang pansariling interes; hindi nila isinasaalang-alang ang mga interes ng bahay ng Diyos, tanging ang kanilang sariling mga interes. Kung isinasaalang-alang ng mga tao ang kanila lamang sariling interes, hindi madali para sa kanila na magsagawa ng katotohanan at wala silang tunay na pagsunod sa Diyos. Anong nangyayari sa huli sa karamihan sa mga taong ito na nakikibahagi sa ganitong uri ng pagsasaliksik? Ang iba ay naghihimagsik laban sa Diyos; iyon ay, gumagawa sila ng mga bagay na puno ng mga negatibong damdamin, pinananatiling bukas ang kanilang mga mata habang nagtatrabaho. Anong uri ng ito disposisyon na nagdadala ng mga emosyong ito? Ito ay panloloko at kasamaan; malayo na ang narating sa

pagiging masama, ang mga taong ito ay inilalaban ang kanilang sarili sa Diyos! Kapag ang mga tao ay patuloy na nagsasaliksik, nahahati ang kanilang atensyon, kaya't maisasagawa ba nila nang maayos ang kanilang tungkulin sa kalagayang ito? Hindi nila sinasamba ang Diyos nang may katapatan at ng kanilang mga espiritu, wala silang matapat na mga puso, at habang ginagawa nila ang kanilang tungkulin, palagi silang nagbabantay at nagpipigil. Anong kahihinatnan nito? Hindi gumagawa ng trabaho sa kanila ang Diyos, anuman ang gawin nila, hindi nila mahanap ang mga prinsipyo, at anuman ang gawin nila, palagi itong nagkakamali. Bakit laging nagkakamali ang mga bagay? Minsan, hindi dahil inilalantad sila ng Diyos, kundi sinisira nila ang kanilang sarili. Hindi nila binibigyan ng anumang pagsasaalang-alang sa mga gawain sa bahay ng Diyos o sa mga interes ng bahay ng Diyos; palagi silang nagpaplano para sa kanilang sarilin at gumagawa ng mga plano para sa kanilang karangalan at katayuan. Patuloy nila itong ginagawa at pagkatapos ay nagsisimulang lumihis. Sa pagitan ng paggawa ng mga plano para sa kanilang sariling interes at mga inaasam sa hinaharap, at pagiging mapag-isip sa gawain sa bahay ng Diyos at sa mga interes ng bahay ng Diyos, ang bunga ba mula sa kanilang mga kilos ay pareho? Hindi, ang bunga ay tiyak na hindi pareho. Nakalantad ang mga ito, at ang pag-uugaling ito ay hindi kabilang sa pagsasagawa ng tungkulin; ang kakanyahan at likas na katangian ng mga aksyon ng taong ito ay nagbago. Kung ito ay usapin lamang ng kaunting pagkawala, magkakaroon pa rin sila ng posibilidad na maligtas kung gayon—magkakaroon pa rin sila ng pagkakataon. Ngunit kung ang sanhi ng malaking pagkawala, mayroon pa bang pagkakataon para sa kanila? Kung ang bagay na pinanghahawakan ay isang seryosong kaso, na nagsasanhi pa ito ng pagkagambala at mga kaguluhan, kung gayon ang taong kasangkot ay dapat mapalitan at matanggal; ang iba ay natanggal sa ganito lamang na paraan.

Hinango mula sa “Tanging sa Paghahanap ng Mga Prinsipyo ng Katotohanan Nagagampanan nang Maigi ng Isa ang Kanyang Tungkulin” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ano ang pinakapangunahing saloobin ukol sa tungkulin ang dapat taglayin ng isang tao? Kung sinabi mong, “Dahil iniatang na sa akin ng tahanan ng Diyos ang tungkuling ito, nabibilang ito sa akin, at matutupad ko ito sa paraang nais ko,” magiging katanggap-tanggap ba itong saloobin? Hinding-hindi. Kung may gayon kang mga kaisipan, magiging sanhi ng gulo ang mga ito, at nangangahulugan itong nagsimula ka nang tumahak sa isang masamang landas. Hindi ka dapat mag-isip nang ganito. Kaya naman, ano ang tamang paraan ng pag-iisip? Una, kailangang hanapin mo ang katotohanan at mga prinsipyo. Hanapin ang mga bagay na ito: kung paano dapat tuparin ang tungkuling ito, kung ano ang hinihingi ng Diyos, kung ano ang mga prinsipyo ng mga hinihingi ng Diyos sa mga tao, kung ano ang dapat mong gawin, kung aling mga bahagi ng gawain ang dapat mong tapusin, at kung paano ka dapat kumilos upang lubusang maging tapat at may pananagutan habang tinutupad ang tungkuling ito. Kung gayon, kanino dapat ibigay ang katapatan? Sa Diyos—dapat kang maging tapat sa Kanya, magkaroon ng pananagutan sa ibang tao, at, hinggil sa iyong sarili, dapat kang sumunod sa prinsipyo at panindigan ang iyong tungkulin. Ano ang ibig sabihin ng sumunod sa prinsipyo? Ang pagsunod sa prinsipyo ay pagkilos nang naaayon sa mga salita ng Diyos at sa katotohanan. Ano, kung gayon, ang ibig sabihin ng panindigan ang tungkulin? Sabihin natin, halimbawa, na may iniatang na tungkulin sa iyo sa loob ng isa o dalawang taon, ngunit, hanggang sa kasalukuyan, ay wala pang nagsusuri sa iyo. Ano ang dapat mong gawin? Kung walang nagsusuri sa iyo, nangangahulugan ba iyon na wala na ang tungkulin? Huwag isipin kung mayroon bang sinumang nagsusuri sa iyo o nangangamusta sa iyo; ipinagkatiwala sa iyo ang tungkuling ito, at, bagaman hindi mo ito pansariling gawain, iniatas ito sa iyo, at pananagutan mo ito. Dapat mong isaalang-alang kung paano dapat gawin ang gawaing ito at kung paano ito mahusay na magagawa, at iyon ay kung paano mo ito dapat gawin. Kung lagi kang naghihintay sa iba na suriin ka, para pangasiwaan ka nila at himukin kang magpatuloy, ito ba ang saloobing dapat mong taglayin sa iyong tungkulin? Anong uri ng saloobin ito? Ito ay

isang pasibong saloobin; hindi ito ang saloobing dapat mong taglayin sa iyong tungkulin.

Hinango mula sa “Ano ang Sapat na Pagtupad ng Tungkulin?” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ginagawa ng karamihan sa mga tao ang kanilang mga tungkulin na may ganitong kalagayan ng pag-iisip: “Kung may isang taong mamumuno, susunod Ako. Ako ay susunod saanman man sila mamuno, at gagawin ang anumang hilingin nilang gawin ko.” Sa kabilang banda, ang pagtanggap ng responsibilidad o alalahanin o ang magbigay ng dagdag na pansin ay mga bagay na hindi nila maisakatuparan at mga halaga na hindi sila handang bayaran. Nakikibahagi sila sa paggugol ng pisikal na lakas, ngunit hindi sila nakikibahagi sa responsibilidad. Hindi ito tapat na pagtupad sa tungkulin ng isang tao. Kailangan mong matutunang isapuso ang iyong tungkulin; kung may puso ang isang tao, kailangan niyang gamitin ito. Kung hindi ginagamit ng tao ang kanilang puso, pinatutunayan nito na sila ay walang puso, at hindi maaaring matamo ng isang walang pusong tao ang katotohanan! Bakit hindi nila maaaring matamo ang katotohanan? Hindi nila alam kung paano humarap sa Diyos; hindi nila alam kung paano isapuso ang pagtingin sa kaliwanagan at patnubay ng Diyos, o kung paano isapuso ang pagninilay o ang paghahanap ng katotohanan, o ang paghahanap, pag-unawa at pagpapakita ng pagsasaalang-alang sa kalooban ng Diyos. Nasa mga kalagayan ba kayo na nagagawa ninyong maging tahimik nang madalas sa harapan ng Diyos, at kung saan, anuman ang mangyari o anuman ang inyong tungkulin, nagagawa ninyong harapin ang Diyos nang madalas, ay gamitin ang inyong puso para pagnilayan ang mga salita ng Diyos, at isapuso ang paghahanap ng katotohanan at pagninilay kung paano isagawa ang iyong tungkulin? Madalas ba ang ganitong mga pagkakataon? Ang pagsasapuso ng iyong tungkulin at pagtanggap ng responsibilidad ay nangangailangan ng iyong pagdurusa at pagsisikap—hindi sapat ang pag-usapan lamang ito. Kung hindi mo isasapuso sa iyong tungkulin, sa halip ay palagi mong gustong magsikap sa pisikal, siguradong

hindi magagawa nang maayos ang iyong tungkulin. Tatapusin mo lamang ito nang hindi nag-iisip at wala nang iba pa, at hindi mo malalaman kung gaano kahusay mong nagawa ang iyong tungkulin. Kung isasapuso mo ito, unti-unti mong mauunawaan ang katotohanan; kung hindi, hindi mo ito mauunawaan. Kapag isasapuso mo ang pagganap sa iyong tungkulin at hahanapin ang katotohanan, unti-unti mong mauunawaan ang kalooban ng Diyos, matutuklasan ang sarili mong katiwalian at mga kakulangan, at makakasanayan ang iyong iba-ibang kalagayan. Kung hindi mo gagamitin ang puso mo para suriin ang iyong sarili, at magtutuon lamang sa panlabas na pagsisikap, hindi mo matutuklasan ang iba't ibang kalagayan na nanggagaling sa puso mo at ang lahat ng reaksyon mo sa iba't ibang sitwasyon sa paligid; kung hindi mo gagamitin ang puso mo para suriin ang iyong sarili, mahihirapan kang lutasin ang mga problema sa puso mo. Kung gayon, dapat mong gamitin ang iyong puso at ang iyong katapatan sa pagpuri at pagsamba sa Diyos. Upang magamit ang iyong puso at katapatan sa pagsamba sa Diyos, kailangan mong magkaroon ng puso na tahimik at taos; kailangan mong matutunang hanapin ang kalooban at katotohanan ng Diyos sa pinakakaibuturan ng iyong puso, at kailangan mong pagnilayan kung paano gawin ang iyong tungkulin nang maayos, pinagninilayan kung aling mga bahagi ng iyong tungkulin ang hindi mo pa nauunawaan at kung paano mas mapabuti ang paggawa ng iyong tungkulin. Matatamo mo ang katotohanan sa pamamagitan lamang ng pag-iisip sa mga bagay na ito nang madalas sa iyong puso. Kung hindi ang mga bagay na ito ang pinagninilayan mo nang madalas sa iyong puso, at sa halip ang iyong puso ay puno ng mga bagay ng isipan o mga panlabas na bagay, abala sa mga bagay na tulad nito na walang kinalaman sa paggamit ng iyong puso at katapatan sa pagsamba sa Diyos—walang anumang kinalaman rito—kung gayon, natamo mo ba ang katotohanan? Mayroon ka bang ugnayan sa Diyos?

Hinango mula sa "Sa Pamamagitan Lamang ng Pagiging Matapat Maaaring Makapamuhay na Tulad ng Isang Tunay na Tao" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kapag ginagampanan ng mga tao ang kanilang tungkulin, ginagawa nila sa katunayan ang dapat nilang gawin. Ngunit kung ginagawa mo ito sa harap ng Diyos, kung ginagampanan mo ang iyong tungkulin nang may pag-uugali ng katapatan at may puso, hindi ba't mas magiging tama ang ugaling ito? Kaya paano mo dapat gamitin ang ugaling ito sa iyong pang-araw-araw na buhay? Dapat mong gawing realidad mo ang "pagsamba sa Diyos nang may puso at katapatan". Tuwing gusto mong magpakakupad at tapusin lamang ang gawain, tuwing gusto mong maging tamad, at tuwing hinahayaan mong magambala ka at nais mo lamang magsaya, dapat mong pag-isipan iyan: Sa pagkilos nang ganito, hindi ba ako mapagkakatiwalaan? Ganito ba ang pagsisikap kong gawin ang aking tungkulin? Hindi ba ako tapat sa paggawa nito? Sa paggawa nito, bigo ba akong tapatan ang tiwala ng Diyos sa akin? Ganito dapat ang pagmumuni-muni mo sa sarili. Dapat mong isipin, "Hindi ako naging seryoso sa bagay na ito. Noong araw, pakiramdam ko may problema, pero hindi ko itinuring na mabigat iyon; basta binalewala ko lamang iyon. Ngayo'y hindi pa rin nalulutas ang problemang ito. Anong klaseng tao ako?" Natukoy mo na siguro ang problema at nakilala mo nang kaunti ang iyong sarili. Dapat ka bang tumigil kapag may kaunting kaalaman ka na? Tapos ka na ba kapag naikumpisal mo na ang iyong mga kasalanan? Kailangan mong magsisi at magbagumbuhay! At paano ka makakapagbagumbuhay? Noon, mali ang pag-uugali at pag-iisip mo sa pagganap mo ng iyong tungkulin, wala rito ang loob mo, at hindi mo kailanman inasikaso ang mga tamang bagay. Ngayon, dapat mong itakda ang saloobin mo sa wastong pagganap sa iyong tungkulin, dapat kang manalangin sa harap ng Diyos, at kapag nariyan uli ang mga dati mong saloobin at ugali, dapat mong hilingin sa Diyos na disiplinahin ka at ituwid. Bilisan mong tukuyin ang mga larangan kung saan ka naging walang ingat at walang pakialam noon. Isipin mo kung paano mo maitatama ang mga ito, at pagkatapos maitama ang mga ito, muli kang maghanap, at manalangin, at pagkatapos ay tanungin mo ang iyong mga kapatid kung mayroon silang anumang mas mahusay na mga mungkahi at rekomendasyon, hanggang sa sumang-ayon ang lahat

na nagawa mo ang tama. Saka ka lamang mapagtitibay. Madarama mong sa oras na ito, nagawa mo na ang iyong tungkulin nang abot sa pamantayan, at nagawa mo na ang iyong pinakamakakaya, at ibinigay rito ang iyong puso, at ibinigay rito ang buo mong makakaya; madarama mong nagawa mo na ang lahat ng iyong magagawa, nang walang pagsisisi. Kapag nagbibigay ng salaysay sa harap ng Diyos, magiging malinis ang iyong budhi, at sasabihin mong, “Kahit na bigyan lamang ng Diyos ng grado na 60% ang aking tungkulin, ibinigay ko rito ang bawat onsa ng lakas sa aking katawan, ibinigay ko rito ang buong puso ko, hindi ako naging tamad, hindi ko sinubukang kumilos sa tusong paraan, at wala akong pinigil.” Hindi ba ito pagkuha ng mga realidad ng pagbibigay ng iyong buong puso, buong isip, at buong lakas sa iyong tungkulin at paggamit ng mga ito sa iyong pang-araw-araw na buhay? Hindi ba ito pagsasabuhay ng mga realidad ng katotohanan na ito? At anong nararamdaman mo, sa iyong puso, kapag isinasabuhay mo ang mga realidad na ito? Hindi mo ba nararamdaman na para kang nabubuhay nang may kaunting pagkakahawig sa tao, at hindi na tulad ng mga naglalakad na patay?

Hinango mula sa “Nagmumula ang Landas sa Madalas na Pagninilay-Nilay sa Katotohanan” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Dapat ninyong gawin ang inyong sariling tungkulin sa abot ng inyong makakaya nang may bukas at tapat na mga puso, at maging handang magbayad ng anumang kinakailangang halaga. Gaya nga ng sinabi ninyo, pagdating ng araw na iyon, hindi pababayaan ng Diyos ang sinumang nagdusa o nagbayad para sa Kanya. Ang ganitong uri ng matibay na paniniwala ay karapat-dapat panghawakan, at nararapat lamang na hindi ninyo ito kailanman kalimutan. Sa ganitong paraan Ko lamang mapapalagay ang Aking isipan ukol sa inyo. Kung hindi, magpakailanman kayong magiging mga taong hindi Ko makakayang ipagpalagay ang Aking isipan, at magpakailanman kayong magiging mga layon ng Aking pag-ayaw. Kung masusunod ninyong lahat ang inyong konsensya, at ibibigay ang inyong lahat para sa Akin, nang walang hindi pagsusumikapan para sa

Aking gawain, at mag-uukol ng buong buhay na pagsusumikap sa Aking gawain ng ebanghelyo, hindi ba't laging lulukso sa tuwa ang Aking puso dahil sa inyo? Sa ganitong paraan, lubos Kong mapapalagay ang Aking isipan ukol sa inyo, hindi ba?

Hinango mula sa "Tungkol sa Hantungan" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang pagganap ng tao sa kanyang tungkulin ay, sa totoo lang, ang pagsasakatuparan ng lahat ng likas sa kalooban ng tao, na ibig sabihin ay, yaong posible para sa tao. Noon lamang natutupad ang kanyang tungkulin. Ang mga depekto ng tao sa kanyang paglilingkod ay unti-unting nababawasan sa pamamagitan ng umuunlad na karanasan at ng proseso ng pagpapailalim niya sa paghatol; hindi ito nakapipigil o nakakaapekto sa tungkulin ng tao. Yaong mga tumitigil sa paglilingkod o sumusuko at umuurong dahil sa takot na maaaring may mga sagabal sa kanilang paglilingkod ang pinakamatinding karuwagan sa lahat. Kung hindi kayang ipahayag ng mga tao ang nararapat nilang ipahayag habang naglilingkod o makamit kung ano ang likas na posible para sa kanila, at sa halip ay nagbibiru-biruan at gumagawa lamang para matapos na, naiwala na nila ang tungkuling dapat taglayin ng isang nilalang. Ang gayong mga tao ay kilala bilang "mga walang-kabuluhan"; sila ay mga walang-silbing yagit. Paano matatawag nang wasto na mga nilalang ang gayong mga tao? Hindi ba mga tiwali silang nilalang na maningning sa labas ngunit bulok sa loob? Kung tinatawag ng isang tao ang kanyang sarili na Diyos subalit hindi niya magawang ipahayag ang katauhan ng pagka-Diyos, gawin ang gawain ng Diyos Mismo, o katawanin ang Diyos, walang-dudang hindi siya Diyos, sapagkat wala siyang diwa ng Diyos, at yaong likas na nakakamit ng Diyos ay hindi umiiral sa kanyang kalooban. Kung mawala sa tao ang likas na makakamit niya, hindi na siya maituturing na tao, at hindi siya karapat-dapat na tumayo bilang isang nilalang o humarap sa Diyos at paglingkuran Siya. Bukod pa riyan, hindi siya karapat-dapat na tumanggap ng biyaya ng Diyos o mabantayan, maprotektahan, at magawang perpekto ng Diyos. Maraming hindi na pinagtiwalaan ng Diyos ang tuluyan nang nawalan ng

biyaya ng Diyos. Hindi lamang nila hindi kinasusuklaman ang kanilang mga pagkakamali, kundi tahasan nilang ipinalalaganap ang ideya na ang daan ng Diyos ay mali, at yaong mga suwail ay ikinakaila pa ang pag-iral ng Diyos. Paano magkakaroon ng karapatan ang gayong mga tao, na nagtataglay ng gayong pagkasuwail, na matamasa ang biyaya ng Diyos? Yaong mga hindi gumagawa ng kanilang tungkulin ay napakasuwail sa Diyos, at malaki ang pagkakautang sa Kanya, subalit tumatalikod sila at ipinangangalandakan na mali ang Diyos. Paano magiging karapat-dapat ang gayong uri ng tao na magawang perpekto? Hindi ba sa kanila magsisimula ang pag-aalis at pagpaparusa? Ang mga taong hindi gumagawa ng kanilang tungkulin sa harap ng Diyos ay nagkasala na ng pinaka-kahindik-hindik na krimen, kung saan kahit kamatayan ay hindi sapat na kaparusahan, subalit may gana pa silang makipagtalo sa Diyos at makipagtagisan sa Kanya. Ano ang halaga ng gawing perpekto ang gayong mga tao? Kung nabibigo ang mga tao na tuparin ang kanilang tungkulin, dapat silang surutin ng kanilang budhi at makadama ng pagkakautang; dapat nilang kasuklaman ang kanilang kahinaan at kawalang-silbi, ang kanilang pagkasuwail at pagkatiwali, at bukod pa riyan, dapat nilang ibigay ang kanilang buhay sa Diyos. Saka lamang sila magiging mga nilalang na tunay na nagmamahal sa Diyos, at ang gayong mga tao lamang ang karapat-dapat na magtamasa ng mga pagpapala at pangako ng Diyos, at magawa Niyang perpekto. At paano naman ang nakararami sa inyo? Paano ninyo tinatrato ang Diyos na namumuhay sa piling ninyo? Paano ninyo nagampanan ang inyong tungkulin sa Kanyang harapan? Nagawa ba ninyo ang lahat ng ipinagawa sa inyo, kahit na ang kapalit nito ay ang sarili ninyong buhay? Ano ang inyong naisakripisyo? Hindi ba marami kayong natanggap mula sa Akin? Nakakahiwatig ba kayo? Gaano kayo katapat sa Akin? Paano ninyo Ako napaglingkuran? At paano na ang lahat ng Aking naipagkaloob sa inyo at nagawa para sa inyo? Nasuri na ba ninyo ang lahat ng ito? Nahusgahan na ba ninyong lahat at naikumpara ito sa kakatiting na konsensya sa inyong kalooban? Sino ang magiging karapat-dapat sa inyong mga salita at pagkilos?

Karapat-dapat kaya ang napakaliit na sakripisyo ninyo sa lahat ng Aking naipagkaloob sa inyo? Wala Akong ibang magagawa at buong-puso na Akong naging tapat sa inyo, subalit nagkikimkim kayo ng masasamang layon at wala kayong interes sa Akin. Iyan ang lawak ng inyong tungkulin, ng inyong tanging tungkulin. Hindi ba ganito? Hindi ba ninyo alam na lubos kayong bigong gampanan ang tungkulin ng isang nilalang? Paano kayo maituturing bilang isang nilalang? Hindi ba malinaw sa inyo ang inyong ipinapahayag at isinasabuhay? Nabigo kayong tuparin ang inyong tungkulin, ngunit hinahangad ninyong matamo ang pagpaparaya at saganang biyaya ng Diyos. Ang gayong biyaya ay hindi naihanda para sa mga walang-silbi at hamak na katulad ninyo, kundi para sa mga yaong walang hinihinging kapalit at malugod na nagsasakripisyo. Ang mga taong katulad ninyo, na mga walang kabuluhan, ay lubos na hindi karapat-dapat na matamasa ang biyaya ng langit. Hirap at walang-katapusang kaparusahan lamang ang makakasama ninyo sa araw-araw! Kung hindi ninyo kayang maging tapat sa Akin, ang inyong kapalaran ay magiging isang pagdurusa. Kung hindi ninyo kayang managot sa Aking mga salita at Aking gawain, ang kahihinatnan ninyo ay isang kaparusahan. Lahat ng biyaya, pagpapala, at kamangha-manghang buhay sa kaharian ay hindi magkakaroon ng kinalaman sa inyo. Ito ang katapusang nararapat na mapasainyo at ang bunga ng inyong sariling kagagawan!

Hinango mula sa “Ang Pagkakaiba sa Pagitan ng Ministeryo ng Diyos na Nagkatawang-tao at ng Tungkulin ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

75. Ang Mga Prinsipyo sa Pagkumpirma sa Posisyon ng Isang Tao

(1) Piliin mo ang iyong tungkulin batay sa iyong mga kalakasan at talento. Basta’t ang tingin ng karamihan sa mga tao ay akma ang napili mo, dapat mong kumpirmahin na sa iyo na ang tungkuling iyon;

(2) Ang taong gumagawa nang mabuti sa kanyang tungkulin ay natagpuan na ang kanyang posisyon, at ang taong gumagawa nang mabuti sa kanyang tungkulin ay naninindigan sa kanilang posisyon bilang isang

nilalang;

(3) Dapat magpasakop ang isang tao sa mga pagsasaayos ng bahay ng Diyos habang ginaganap ang kanilang tungkulin. Kung sa palagay nila ay hindi naaangkop ang kanilang tunkulin, maaari silang, sa pakikipag-ugnayan sa mga lider at manggagawa, mamili ng naaangkop na mga tungkulin;

(4) Anuman ang partikular na tungkulin ng isang tao, dapat silang manalangin sa Diyos at manalig sa Kanya, at, sa lahat ng bagay, hanapin ang katotohanan at kumilos nang naaayon sa mga prinsipyo. Sa paggawa nito, makakaya nilang gawin nang maayos ang kanilang tungkulin.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Sa Kanyang kabuuang plano ng pamamahala, matagal nang naiplano ng Diyos kung ilang ulit kang darating sa mundo ng tao, sa aling lipi at sa aling pamilya ka isisilang sa panahon ng mga huling araw, ano ang mga magiging kalagayan ng pamilyang ito, ikaw ba ay magiging lalaki o babae, ano ang iyong magiging mga kalakasan, anong antas ng edukasyon ang maaabot mo, gaano ka magiging mahusay magsalita, ano ang iyong magiging kakayahan, ano ang magiging itsura mo, anong edad ka darating sa bahay ng Diyos at magsisimulang gumanap ng iyong tungkulin, at anong tungkulin ang iyong gagampanan at anong oras—matagal nang naiplano ng Diyos ang bawat hakbang para sa iyo. Bago ka pa isinilang, nang namuhay kang kasama ng tao sa iyong nakaraang ilang buhay, naisaayos na ng Diyos ang tungkuling iyong gagampanan sa panahong ito, ang huling yugto ng gawain. Hindi ito biro! Maging ang pagparito mo upang makinig sa pangaral na ito ay itinadhana ng Diyos—hindi ito maliit na bagay! Bukod pa rito, ang iyong pisikal na kalagayan, ang iyong karanasan sa isang tiyak na edad, ang mga uri ng tungkulin na makakaya mong gawin, ang iyong mga kakayahan at mga kasanayan—matagal na itong itinadhana para sa iyo ng Diyos. Ang ibig sabihin, nais ng Diyos na gamitin ka, at bago pa ibinigay sa iyo ang tagubilin at gawaing ito, naihanda ka na Niya para rito. Kung gayon, ayos lang ba na tumakas ka? Ayos lang ba na mag-atubili ka? Binibigo mo ang Diyos sa paggawa nito! Wala nang hihigit

pang pagsuway kaysa pagtalikod sa iyong tungkulin—isa itong karumal-dumal na kasalanan! Maingat na pagiging masigasig ang mga layon ng Diyos. Di-mabilang na mga salinlahi na ang nakalipas, naitadhana na ng Diyos ang iyong pagdating ngayon at naibigay sa iyo ang misyong ito—kung gayon, hindi ba't pananagutan mo ang misyong ito? Hindi ba't ito ang halaga ng iyong mismong buhay? At kung hindi mo isasakatuparan ang misyong ibinigay sa iyo ng Diyos, may anumang silbi pa ba sa iyong pamumuhay? Inilagay ka ng Diyos sa katayuang ito, binigyan ka Niya ng kakayahang ito, binigyan ka Niya ng mga kakayahan at mga kasanayan, ibinigay Niya sa iyo ang lahat ng mga kalagayan upang mabuhay hanggang sa kapanahunang ito at gawin ang bagay na ito—ngunit hindi mo ito ginagawa, at tumatakas ka. Ibig mo lamang mamuhay ng isang maginhawang buhay, ang sumulong sa mundo, ang gamitin kung ano ang ibinigay sa iyo ng Diyos upang paglingkuran si Satanas. Maaari bang magalak ang Diyos sa ganito? Makapagpapasaya ba ito sa Kanya? Hindi mo isinasagawa ang iyong misyon, hindi mo tinatapos ang tagubilin na ibinigay sa iyo ng Diyos, at tinatakasan mo ang luklukan ng paghatol ng Diyos. Ano ang itinatakda ng Diyos sa gayong mga tao? Nililipol Niya ang mga iyon! Hindi ka kailanman isisilang na muli at makararating sa mundong ito. Hindi ka kailanman pagkakatiwalaang muli ng Diyos ng anumang bagay. Babawiin ang iyong misyon, at wala ka na ng lahat na pagkakataon—ang ibig sabihin nito ay may problema ka! Ang gayong tao ay minsan nang tumakas mula sa paningin ng Diyos, tumakbo silang palayo sa Aking luklukan ng paghatol, sa Aking presensiya. Hindi nila isinakatuparan ang kanilang misyon at hindi nila tinapos ang tagubilin sa kanila. Ito na ang wakas, ito ay tapos na, natatapos ang buhay nila rito, naitakda na ang mga hangganan, at hindi na ito kailangan pang banggitin. Napakasaklap nito!

Ngayon, kapag gumaganap ka ng isang tungkulin sa tahanan ng Diyos, malaki man ito o maliit, may kinalaman man ito sa pisikal na paggawa o paggamit ng iyong utak, ginagawa man ito sa labas o loob ng simbahan, ang tungkuling ginagampanan mo ay hindi nagkataon lamang;

hindi mo ito pinili, ito'y pinangasiwaan ng Diyos. Dahil lamang sa tagubilin ng Diyos kaya ka natinag, at nagkaroon ng ganitong kabatiran ng misyon at pananagutan, at nagagawang gampanan ang tungkuling ito. Sa mga di-mananampalataya, marami ang kaakit-akit, matatalino o may kakayahan. Ngunit kinikilingan ba sila ng Diyos? Hindi. Kayo lang ang kinikilingan ng Diyos, ang pangkat na ito ng mga tao. Pinagagampanan Niya sa inyo ang bawat uri ng papel, ipinatutupad ang bawat uri ng tungkulin at pananagutan sa Kanyang gawain ng pamamahala, at kapag sa huli ay nagwakas at nabuo ang planong pamamahala ng Diyos, magiging lubos na kaluwalhatian at karangalan iyon! At kaya habang ginagampanan ang kanilang tungkulin, dumaranas ng kaunting paghihirap ang mga tao, kapag kinakailangan nilang isuko ang mga bagay-bagay at gugulin ang kanilang mga sarili, kapag nagbabayad sila ng halaga, kapag nawawalan sila ng katayuan, katanyagan at kayamanan sa mundo, tila lumalabas na kinuha ng Diyos ang mga bagay na iyon mula sa kanila—ngunit may nakamit silang higit na malaki at mabuting bagay. Ano ang nakamit nila mula sa Diyos? Tanging kapag nagampanan mo na nang maayos ang iyong tungkulin, kapag natapos mo na ang tagubilin ng Diyos para sa iyo, kapag ipinamuhay mo ang buong buhay para sa iyong misyon at tagubilin, at namuhay ka nang kapaki-pakinabang na buhay—saka ka lang magiging isang tunay na tao! At bakit Ko sinasabing isa kang tunay na tao? Sapagkat hinirang ka ng Diyos, pinahintulutan ka Niyang gampanan ang tungkulin ng isang nilalang ng Diyos sa Kanyang pamamahala, at wala nang hihigit pang halaga o kahulugan sa iyong buhay.

Hinango mula sa "Ang Mga Prinsipyo ng Pagsasagawa Ukol sa Pagpapasakop sa Diyos" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Dahil naniniwala at sumusunod ka sa Diyos, dapat mong ialay ang lahat sa Kanya, at hindi ka dapat gumawa ng mga personal na pagpili o paghingi, at dapat mong makamit ang katuparan ng naisin ng Diyos. Dahil ikaw ay nilikha, dapat mong sundin ang Panginoong lumikha sa iyo, sapagkat ikaw ay likas na walang kapamahalaan sa iyong sarili, at walang

kakayahang kontrolin ang sarili mong tadhana. Dahil isa kang taong naniniwala sa Diyos, dapat kang maghangad ng kabanalan at pagbabago. Dahil ikaw ay isang nilalang ng Diyos, dapat kang sumunod sa iyong tungkulin, at manatili sa iyong lugar, at huwag kang lumampas sa iyong tungkulin. Ito ay hindi upang pigilan ka, o supilin ka sa pamamagitan ng doktrina, kundi sa halip ay ang landas na makakatulong upang magampanan mo ang iyong tungkulin, at makakamit ito—at dapat makamit—ng lahat ng gumagawa ng katuwiran.

Hinango mula sa “Ang Tagumpay o Kabiguan ay Depende sa Landas na Tinatahak ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ano ang inyong mga prinsipyo sa inyong pag-uugali? Dapat kayong umasal ayon sa inyong katayuan, hanapin ang tamang katayuan para sa inyo, at panindigan ang inyong katayuan. Bilang halimbawa, may mga taong mahuhusay sa isang propesyon at nauunawaan ang mga prinsipyo nito, at dapat silang gumawa ng panghuling pagsisiyasat hinggil dito; may mga taong makapagbibigay ng mga ideya at malilinaw na pagkaunawa, upang magawa ng sinumang iba na mapabuti ang kanilang mga ideya at magampanan nang mas mahusay ang tungkuling ito—dapat silang magbigay sa gayon ng mga ideya. Kung matatagpuan mo ang tamang katayuan para sa iyo at makagagawa nang tugma sa iyong mga kapatid, tinutupad mo ang iyong tungkulin, at umaasal ka ayon sa iyong katayuan. Kung kaya mong makapagbigay ng ilan lamang sa iyong mga kaisipan, ngunit nais mong magbigay ng iba pang mga bagay, at sa huli’y nagsisikap na mabuti na gawin ito, ngunit hindi pa rin magawa; at pagkaraan, kapag ibinibigay ng iba ang ibang mga bagay na iyon, hindi ka maginhawa, at hindi nais makinig, at ang iyong puso ay nasasaktan at napipigilan, at sinasabi mong ang Diyos ay hindi makatarungan, at sinisisi mo ang Diyos–ito sa gayon ay ambisyon. Anong disposisyon ang nagiging sanhi ng ambisyon sa isang tao? Ang mapagmataas na disposisyon ang nagiging sanhi ng ambisyon. Ang mga kalagayang ito ay tiyak na maaaring lumitaw sa inyo sa anumang sandali, at kung hindi ninyo mahahanap ang

katotohanan upang lutasin ang mga ito, at walang pagpasok sa buhay, at hindi kayang magbago ukol dito, ang antas ng kuwalipikasyon at kadalisayan ng inyong pagtupad sa inyong mga tungkulin ay magiging mababa. Kung hindi ninyo kayang matamo ang mga bagay na ito, magiging napakahirap din para sa inyo na magkaloob sa Diyos ng luwalhating nararapat sa Kanya. Ang ilang tao ay may talento sa dalawa o tatlong larangan, ang ilan ay may talento sa isang larangan, at ang ilan ay walang anumang talento—kung makadudulog kayo nang wasto sa mga bagay na ito, natagpuan na ninyo ang inyong katayuan. Ang mga taong nakatagpo na ng kanilang mga katayuan ay kayang umasal ayon sa kanilang mga katayuan at gampanan nang mahusay ang kanilang mga tungkulin. May mga tao na hindi kailanman magawang mahanap ang kanilang mga katayuan, na laging inaabot ang palayok kung walang pagkain sa kanilang mga mangkok, na sumusunggab sa anumang dumarating na mapakikinabangan, na laging may taglay na mga sariling ambisyon, ngunit naniniwalang nagpapakita sila ng konsiderasyon para sa mga layon ng Diyos at matapat na tumutupad sa kanilang tungkulin–mali ang paniniwalang ito, at likong pag-unawa sa “katapatan.” Kung nais mong maging tapat at tumupad nang katanggap-tanggap sa iyong tungkulin, kung ito ang iyong hangarin at iyong mithiin, dapat mo munang matagpuan ang tamang katayuan para sa iyo, at gawin pagkaraan ang iyong makakaya nang buong puso, nang buong pag-iisip, at nang buong lakas. Ito ay katanggap-tanggap, at ang gayong pagtupad sa tungkulin ay may antas ng kadalisayan. Ito ang dapat gawin ng isang tunay na nilikha. Una, dapat mong maunawaan kung ano ang tunay na nilikha: Ang isang tunay na nilikha ay hindi isang mahigit pa sa tao, kundi isang tao na nabubuhay nang matuwid at mapagkumbaba sa mundo at hindi katangi-tangi sa anumang paraan. Anong ibig sabihin ng pagiging hindi katangi-tangi? Nangangahulugan ito na gaano ka man katangkad o gaano ka man kataas lumundag, nananatili ang katunayan na ang iyong aktwal na taas ay hindi magbabago, at wala kang katangi-tanging galing. Kung nais mong laging lampasan ang iba, ang mailuklok nang mataas sa iba, bunga ito ng iyong

mapagmataas at maka-Satanas na disposisyon, at ito ay kahibangan mo. Ang totoo'y hindi mo ito matatamo, at imposible para sa iyo na magawa ito. Hindi ka binigyan ng Diyos ng ganoong talento o kasanayan, at hindi ka rin Niya binigyan ng ganoong diwa. Huwag mong kalimutan na ikaw ay isang normal at karaniwang kasapi ng sangkatauhan, hindi naiiba sa iba sa anumang paraan, bagama't ang iyong anyo, pamilya, at ang dekada ng iyong pagsilang ay maaaring naiiba, at maaaring may mga pagkakaiba sa iyong mga talento at kaloob. Ngunit huwag mong kalimutan ito: Gaano ka man naiiba, ito ay nasa ganitong maliliit na bagay lamang, at ang iyong tiwaling disposisyon ay katulad ng taglay ng iba, at ang mga prinsipyo, layunin, at oryentasyon na dapat mong panghawakan sa pagtupad ng iyong tungkulin ay katulad ng taglay ng iba. Tanging sa kanilang mga kalakasan at kaloob nagkakaiba ang mga tao.

Hinango mula sa "Ang mga Prinsipyong Dapat Gumabay sa Asal ng Isang Tao" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang pag-unawa kung ano ang mabuti at masamang kakayahan, at ang pagiging malinaw tungkol sa sariling kakayahan, kalikasang diwa, ay pawang kapaki-pakinabang sa pagkilala sa iyong sarili. Kung alam ng mga tao ang kinatatayuan nila, mababawasan ang mga pagkakamali nila. Kapag may sukatan ang mga tao sa kanilang mga sarili, matitigil ang kanilang kayabangan, at magiging tapat at masigasig sila sa pagtupad ng tungkulin. Ang hindi pagkilala sa sarili ay maaaring magdulot ng maraming kaguluhan. May ilang mga taong pangkaraniwan ang kakayahan, ngunit naniniwalang mataas ang kanilang kakayahan. Naniniwala silang may kaloob sila sa pamumuno; sa loob nila, atat na atat sila na maging isang pinuno, na panguluhan ang pangkat, ngunit walang sinumang pumipili sa kanila. At hindi ba sila nababagabag nito? Kapag nababagabag ang mga tao ng gayong mga bagay at nababalisa sila, hindi nila natutupad nang mabuti ang kanilang tungkulin, at maaaring makagawa sila ng mga kahangalang bagay na nagdudulot ng kahihiyan, walang-katuturang bagay na kinasusuklaman ng Diyos. Kaya, bago pa ang lahat, dapat nilang

harapin ang mga saligang pagbubunyag ng kanilang mga tiwaling disposisyon sa pamamagitan ng pagkilala sa kanilang mga sarili. Kasama roon ang pagiging mapagmataas, walang-kabuluhan, laging iniisip na mabuti ang kanilang kakayahan, na mahusay sila kaysa sa ibang mga tao, na dapat nilang sanayin ang iba, at iba pa. Sa sandaling nalutas ang mga suliraning ito, magiging matatag ka sa maayos na pagtupad mo ng iyong tungkulin, magiging mas wasto ang iyong pag-uugali, at hindi ka na aabalahin ng mga saloobin at pag-uugaling gaya ng panlabas na kapusukan, kapalaluan, kahambugan, at ng pag-iisip na ikaw ay natatangi, at lalo ka pang magiging husto sa iyong pag-iisip.

Hinango mula sa “Napakahalaga ng Pag-unawa sa Katotohanan sa Wastong Pagtupad ng Tungkulin ng Isang Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Madalas na may pagkakasalungatan sa pagitan ng pangarap at ng realidad. Sa madalas na pagkakataon, iniisip ng mga tao na lehitimo ang kanilang mga pangarap. Hindi ba nila alam na magkaibang-magkaiba ang mga pangarap at realidad? Ang mga pangarap ay kung ano lamang ang nais mo, mga napapawing pinagkakaabalahan ang mga ito, kadalasang bunga ng katigasan ng ulo o ng pantasya, at salungat sa realidad. Anu-anong pagkakamali ang madalas nagaganap kapag masyadong marami ang pangarap ng mga tao? Hindi nila pinapansin ang gawaing nasa harap na mismo ng kanilang mga mata—gawain na dapat sana ay ginagawa nila sa sandaling iyon. Hindi nila pinapansin ang realidad, at isinasantabi nila ang tungkuling dapat nilang ginagampanan, ang gawaing dapat nilang ginagawa, ang kanilang mga obligasyon at responsibilidad sa mismong sandaling iyon; mababaw lang ang pagtuturing nila sa mga ito, at nagpapakasasa sila sa sarili nilang mga pangarap, ginagawa ang anumang nais nila, at ginagawa ang anumang balang maibigan nila. At dahil doon, hindi lamang na hindi nagagawa ng mga taong ito na tunay na tuparin ang kanilang tungkulin, kundi—mas mabigat pa rito—inaantala nila ang gawain ng bahay ng Diyos, at ginagambala ang gawain ng bahay ng Diyos. Hindi nauunawaan ng maraming tao ang katotohanan, at hindi rin naman nila

hinahanap ang katotohanan. Ano ang pagtuturing nila sa kanilang tungkulin? Itinuturing nila ito bilang trabaho, o bilang isang libangan, o bilang isang pinagkakainteresan. Hindi nila itinuturing ito bilang isang atas na gawain o misyon na ibinigay sa kanila ng Diyos, o bilang isang responsibilidad para pasanin nila, lalong hindi rin nila hinahangad na maunawaan ang katotohanan at ang kalooban ng Diyos habang tumutupad ng kanilang tungkulin. Kaya't may ilang nagdurusa ng bahagyang hirap at nagkakaroon ng pagbabago sa kanilang puso habang tumutupad ng kanilang tungkulin, at nagsisimulang mag-isip kung paano makakawala rito. Kapag nakakasagupa sila ng paghihirap o kabiguan, umaatras sila, at, muli, may-panganib na subukan nilang kumawala mula rito. Sa halip na hinahanap ang katotohanan, nag-iisip sila ng paraan upang makatakas. Para silang mga pagong-kati: Sa sandaling may nangyayari, nagtatago sila sa loob ng kanilang bahay, lalabas lamang ulit kapag tapos na ang lahat. Maraming taong ganyan. Sa partikular, may ilan na, kapag pinakiusapang gumanap ng tungkulin, hindi pag-iisipan kung paano ito tuparin nang tapat, kung paano ito wastong gawin, o kung paano kumpletuhin ang gawain ito nang mabuti. Sa halip, pinag-iisipan nila kung paano takasan ang kanilang responsibilidad, paano makaiwas na masuweto, paano maalis ang kanilang responsibilidad, paano ganap na iiwas ang kanilang mga sarili mula sa isang problema o kapalpakan kapag nangyayari ito. Ang una nilang iniisip ay ang sarili nilang ruta sa pagtakas; una sa lahat, isinasaalang-alang nila ang kanilang sariling mga kagustuhan at katutubong-hilig, hindi kung paano nila magagawa ang kanilang tungkulin at kung paano ito gawin nang tapat. Maaari bang matamo ng gayong mga tao ang katotohanan? Wala silang ibinubuhos na pagsisikap para sa katotohanan. Para sa kanila, laging mas maganda ang sitwasyong kinalalagyan ng iba kaysa sa kanila; Ngayong araw, nais nilang gawin ito, bukas naman, nais nilang gawin iyon. Parang mas maganda ang tungkulin ng iba kaysa sa tungkuling ginagawa nila, at mukhang mas madali ang lahat. Sadyang hindi lamang nila pinagbubuhusan ng pagsisikap ang katotohanan. Hindi sila nagbubulay-bulay kung ano ang problema kapag may gayon silang mga kaisipan, ni

hindi nila nilulutas ang problema. Pinagtutuunan lamang nila lagi ng pansin ang mga panlabas na pagsasagawa, tinitingnan kung sino na ang sikat, na kinilala ng Kataas-taasan, ang magagawang makipag-ugnayan sa Kataas-taasan, ang hindi na kailangang harapin kapag gumagawa sila. Tungkol lamang sa mga bagay na ito ang lagi nilang iniisip. Masasabi ba ninyo na ang mga taong nag-iisip lamang ng ganitong mga bagay ay tapat na makatutupad ng kanilang tungkulin? Hindi iyon kailanman mangyayari. Kaya anong uri ng mga tao ang tumutupad ng kanilang tungkulin sa ganitong paraan? Hinahanap ba nila ang katotohanan? Una sa lahat, kung may isang bagay na tiyak, ito'y na hindi hinahanap ng ganitong uri ng tao ang katotohanan. Ang hinahangad lamang nila ay ang makuha ang pagsang-ayon o pabor ng bahay ng Diyos, tumamasa ng ilang mga pagpapala, makilala ang kanilang pangalan, makita at mapansin—na walang pinagkaiba sa pagiging nasa lipunan. Anong uri sila ng mga tao kung ang pag-uusapan ay diwa? Sila ang mga hindi mananampalataya.

Hinango mula sa "Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (8)" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung nais mong maging tapat sa pagtugon sa kalooban ng Diyos sa lahat ng ginagawa mo, hindi maaaring gampanan mo lamang ang iyong tungkulin; kailangan mong tanggapin ang anumang utos na ibinibigay ng Diyos sa iyo. Tumutugon man ito o hindi sa iyong mga panlasa at kasama sa iyong mga interes, o isang bagay man ito na hindi nakakasiya sa iyo o hindi mo pa nagawa dati, o isang bagay na mahirap gawin, dapat mo pa rin itong tanggapin at sundin. Hindi mo lamang kailangang tanggapin ito, kundi kailangan ay aktibo kang makipagtulungan, at matuto tungkol dito at makapasok dito. Kahit nagdurusa ka at hindi pa namumukod-tangi at sumisikat, kailangan ka pa ring maging tapat. Kailangan mo itong ituring na tungkulin mong tutuparin; hindi bilang personal na bagay, kundi bilang tungkulin mo. Paano dapat unawain ng mga tao ang kanilang mga tungkulin? Ito ay kapag may ipinagawa ang Lumikha—ang Diyos—sa isang tao, at sa puntong iyan, nagsisimula na ang tungkulin ng taong iyon. Ang

mga gawaing ibinibigay sa iyo ng Diyos, ang mga inuutos sa iyo ng Diyos—iyan ang mga tungkulin mo. Kapag itinuring mong mga mithiin mo ang mga ito, at talagang taos-puso ang pagmamahal mo sa Diyos, matatanggihan mo pa ba ang inuutos ng Diyos? Hindi ka dapat tumanggi. Dapat mong tanggapin iyon, tama ba? Ito ang landas ng pagsasagawa. Ano ang landas ng pagsasagawa? (Ang lubos na maging deboto sa lahat ng bagay.) Maging deboto sa lahat ng bagay para matugunan ang kalooban ng Diyos. Ano ang pinagtutuunan dito? Iyon ay "nasa lahat ng bagay." Ang "lahat ng bagay" ay hindi nangangahulugan ng mga bagay na gusto mo o kung saan ka mahusay, lalong hindi ang mga bagay na pamilyar ka. Kung minsan, kakailanganin mong mag-aral, kung minsan mamomroblema ka, kung minsan dapat kang mahirapan. Gayunpaman, anuman ang gawain, basta't ito ay utos ng Diyos, dapat mo itong tanggapin mula sa Kanya, ituring na tungkulin mo ito, maging tapat sa pagganap dito, at tugunan ang kalooban ng Diyos. Ito ang landas ng pagsasagawa. Anuman ang mangyari sa iyo, dapat mo laging hanapin ang katotohanan at sa sandaling nakatitiyak ka na kung anong uri ng pagsasagawa ang naaayon sa kalooban ng Diyos, dapat mo itong isagawa. Tanging ang pagkilos sa ganitong paraan ay pagsasagawa sa katotohanan, at ang pagkilos lamang sa ganitong paraan ang siyang pagpasok sa katotohanang realidad.

Hinango mula sa "Makakaya Lamang ng Mga Tao na Maging Totoong Masaya sa Pamamagitan ng Pagiging Matapat" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang mga tao ay mga nilalang na walang nararapat na ipagmayabang. Dahil kayo ay mga nilalang ng Diyos, kailangan ninyong gampanan ang tungkulin ng isang nilalang. Wala nang iba pang mga hinihiling sa inyo. Ganito kayo dapat manalangin: "Diyos ko! May katayuan man ako o wala, nauunawaan ko na ngayon ang aking sarili. Kung mataas ang katayuan ko iyon ay dahil sa Iyong pagtataas, at kung ito ay mababa iyon ay dahil sa Iyong pagtatalaga. Lahat ay nasa Iyong mga kamay. Wala akong anumang mga pagpipilian, ni anumang mga reklamo. Itinalaga Mo na maisilang ako

sa bansang ito at sa piling ng mga taong ito, at ang dapat ko lamang gawin ay maging ganap na masunurin sa ilalim ng Iyong kapamahalaan dahil lahat ay nakapaloob sa Iyong naitalaga. Hindi ko iniisip ang katayuan; matapos ang lahat, isa lamang akong nilalang. Kung ilalagay Mo ako sa walang-hanggang kalaliman, sa lawa ng apoy at asupre, isa lamang akong nilalang. Kung kakasangkapanin Mo ako, isa lamang akong nilalang. Kung gagawin Mo akong perpekto, isa pa rin akong nilalang. Kung hindi Mo ako gagawing perpekto, mamahalin pa rin Kita dahil isa lamang akong nilalang. Isa lamang akong napakaliit na nilalang na nilikha ng Panginoon ng paglikha, isa lamang sa lahat ng taong nilikha. Ikaw ang lumikha sa akin, at muli Mo ako ngayong inilagay sa Iyong mga kamay upang gawin sa akin ang gusto Mo. Handa akong maging Iyong kasangkapan at Iyong hambingan dahil lahat ay kung ano ang Iyong naitalaga. Walang sinuman na maaaring baguhin ito. Lahat ng bagay at lahat ng pangyayari ay nasa Iyong mga kamay." Kapag dumating ang panahon na hindi mo na iniisip ang katayuan, makakalaya ka na roon. Saka mo lamang magagawang maghanap nang may tiwala at tapang, at saka lamang magiging malaya ang puso mo sa anumang mga paghihigpit. Kapag napalaya na ang mga tao mula sa mga bagay na ito, mawawalan na sila ng mga alalahanin.

Hinango mula sa "Bakit Ayaw Mong Maging Hambingan?" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Bilang isa sa mga nilalang, kailangang panatilihin ng tao ang kanyang sariling posisyon, at kumilos nang maingat. Matapat na bantayan kung ano ang ipinagkatiwala sa iyo ng Lumikha. Huwag kumilos nang wala sa lugar, o gawin ang mga bagay-bagay na labas sa saklaw ng iyong kakayahan o na kasuklam-suklam sa Diyos. Huwag subukang maging dakila, o maging superman, o mataas sa lahat, o maghangad na maging Diyos. Ito ang hindi dapat nasain ng tao. Katawa-tawa ang paghahangad na maging dakila o superman. Ang paghahangad na maging Diyos ay lalo pang mas kahiya-hiya; ito ay karima-rimarim, at kasuklam-suklam. Ang kapuri-puri, at ang dapat na panghawakan ng mga nilalang nang higit pa sa anumang mga

bagay, ay ang maging tunay na nilalang; ito lamang ang tanging mithiin na dapat hangarin ng lahat ng tao.

Hinango mula sa “Ang Diyos Mismo, ang Natatangi I” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

76. Ang Mga Prinsipyo sa Paggugol ng Sarili para sa Diyos

(1) Ang paggugol ng kanilang mga sarili para sa Diyos ang tungkulin at responsibilidad, na itinalaga ng Langit at kinilala ng lupa, ng mga nilikha, at, ano man ang kalalabasang kahaharapin nila, hindi sila dapat magreklamo;

(2) Kapag iginugugol ng tao ang kanilang mga sarili para sa Diyos, dapat nilang itama ang kanilang mga intensyon; hindi nila dapat hangaring makipagtawaran para sa mga pakinabang mula sa Diyos, hindi rin para maghangad ng mga pagpapala, kundi para lang suklian ang pag-ibig Niya at magbigay-lugod sa Kanya;

(3) Upang tunay na maigugol ang sarili para sa Diyos, dapat magpasakop ang tao sa Kanyang pagsasaayos at mga pagpapasya, pumili ng tungkulin na naaangkop sa mga pangangailangan ng bahay ng Diyos pati na sa kanilang sariling kalakasan;

(4) Sa iglesia, ang pagtupad sa isang naaangkop na tungkulin ay pagtayo sa nakalaang posisyon sa isang tao. Sa ganitong paraan, makakapamuhay ang isang tao sa harap ng Diyos nang may mabuting katinuan at pagsunod.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Isa kang nilalang—mangyari pa ay dapat mong sambahin ang Diyos at mamuhay nang makahulugan. Kung hindi mo sasambahin ang Diyos kundi mamumuhay ka ayon sa iyong maruming laman, hindi ba isang hayop ka lamang na nakasuot ng damit ng tao? Dahil isa kang tao, dapat mong gugulin ang sarili mo para sa Diyos at tiisin ang lahat ng pagdurusa! Dapat mong tanggapin nang masaya at may katiyakan ang kaunting pagdurusang pinagdaraanan mo ngayon at mamuhay ka nang makahulugan, kagaya

nina Job at Pedro. Sa mundong ito, isinusuot ng tao ang damit ng diyablo, kinakain ang pagkaing nagmumula sa diyablo, at gumagawa at naglilingkod sa ilalim ng impluwensya ng diyablo, ganap na natatapakan sa karumihan nito. Kung hindi mo nauunawaan ang kahulugan ng buhay o natatamo ang tunay na daan, ano ang kabuluhan sa pamumuhay nang ganito? Kayo ay mga taong patuloy na naghahanap sa tamang landas, yaong mga naghahangad ng paglago. Kayo ay mga taong naninindigan sa bansa ng malaking pulang dragon, yaong mga tinatawag na matuwid ng Diyos. Hindi ba iyon ang pinakamakahulugang buhay?

Hinango mula sa “Pagsasagawa (2)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Naniniwala ka sa Diyos at sumusunod sa Kanya, kaya nga sa puso mo ay kailangan mong mahalin ang Diyos. Kailangan mong isantabi ang iyong tiwaling disposisyon, kailangan mong hangaring matupad ang naisin ng Diyos, at kailangan mong gampanan ang tungkulin ng isang nilalang ng Diyos. Dahil naniniwala at sumusunod ka sa Diyos, dapat mong ialay ang lahat sa Kanya, at hindi ka dapat gumawa ng mga personal na pagpili o paghingi, at dapat mong makamit ang katuparan ng naisin ng Diyos. Dahil ikaw ay nilikha, dapat mong sundin ang Panginoong lumikha sa iyo, sapagkat ikaw ay likas na walang kapamahalaan sa iyong sarili, at walang kakayahang kontrolin ang sarili mong tadhana. Dahil isa kang taong naniniwala sa Diyos, dapat kang maghangad ng kabanalan at pagbabago. Dahil ikaw ay isang nilalang ng Diyos, dapat kang sumunod sa iyong tungkulin, at manatili sa iyong lugar, at huwag kang lumampas sa iyong tungkulin. Ito ay hindi upang pigilan ka, o supilin ka sa pamamagitan ng doktrina, kundi sa halip ay ang landas na makakatulong upang magampanan mo ang iyong tungkulin, at makakamit ito—at dapat makamit—ng lahat ng gumagawa ng katuwiran. … Bilang isang nilalang ng Diyos, dapat hangaring gampanan ng tao ang tungkulin ng isang nilalang ng Diyos, at hangaring mahalin ang Diyos nang hindi pumipili ng iba pa, sapagkat ang Diyos ay karapat-dapat sa pagmamahal ng tao. Yaong mga naghahangad na mahalin ang Diyos ay hindi dapat maghangad ng

anumang personal na mga pakinabang o hangarin yaong personal nilang inaasam; ito ang pinakatamang paraan ng paghahangad.

Hinango mula sa “Ang Tagumpay o Kabiguan ay Depende sa Landas na Tinatahak ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Walang kaugnayan sa pagitan ng tungkulin ng tao at kung siya ay pinagpala o isinumpa. Ang tungkulin ay kung ano ang nararapat tuparin ng tao; ito ang tungkuling bigay sa kanya ng langit, at hindi dapat umasa sa gantimpala, mga kundisyon, o mga dahilan. Saka lamang niya nagagawa ang kanyang tungkulin. Ang mapagpala ay kapag ang isang tao ay nagawang perpekto at nagtatamasa ng mga biyaya ng Diyos matapos magdanas ng paghatol. Ang maisumpa ay kapag ang disposisyon ng isang tao ay hindi nagbabago matapos silang magdanas ng pagkastigo at paghatol, iyon ay kapag hindi pa sila nagawang perpekto kundi pinarusahan. Ngunit napagpala man sila o naisumpa, dapat tuparin ng mga nilalang ang kanilang tungkulin, gawin ang dapat nilang gawin, at gawin ang kaya niyang gawin; ito ang pinakamaliit na bagay na dapat gawin ng isang tao, isang taong naghahanap sa Diyos. Hindi mo dapat gawin ang iyong tungkulin para lamang mapagpala, at hindi ka dapat tumangging kumilos dahil sa takot na maisumpa. Sasabihin Ko sa inyo ang isang bagay na ito: Ang pagganap ng tao sa kanyang tungkulin ang dapat niyang gawin, at kung hindi niya kayang gampanan ang kanyang tungkulin, ito ang kanyang pagkasuwail. Sa pamamagitan ng proseso ng paggawa ng kanyang tungkulin unti-unting nagbabago ang tao, at sa pamamagitan ng prosesong ito niya ipinamamalas ang kanyang katapatan. Sa gayon, kapag mas nagagawa mo ang iyong tungkulin, mas maraming katotohanan kang matatanggap, at magiging mas totoo ang iyong pagpapahayag. Yaong mga gumagawa para matapos na lamang ang kanilang tungkulin at hindi hinahanap ang katotohanan ay aalisin sa bandang huli, sapagkat ang gayong mga tao ay hindi ginagawa ang kanilang tungkulin sa pagsasagawa ng katotohanan, at hindi isinasagawa ang katotohanan sa pagtupad ng kanilang tungkulin. Sila yaong mga nananatiling hindi

nagbabago at isusumpa. Hindi lamang marumi ang kanilang mga pagpapahayag, kundi masama ang lahat ng kanilang ipinapahayag.

Hinango mula sa “Ang Pagkakaiba sa Pagitan ng Ministeryo ng Diyos na Nagkatawang-tao at ng Tungkulin ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung kaya mong ilaan ang iyong puso, katawan, at lahat ng iyong tunay na pagmamahal sa Diyos, iharap ang mga iyon sa Kanya, maging ganap na masunurin sa Kanya, at maging lubos na mapagbigay sa Kanyang kalooban—hindi para sa laman, hindi para sa pamilya, at hindi para sa iyong sariling personal na mga hangarin, kundi para sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, na itinuturing ang salita ng Diyos bilang prinsipyo at pundasyon sa lahat—sa paggawa niyon, ang iyong mga layunin at iyong mga pananaw ay malalagay na lahat sa tamang lugar, at magiging isa kang tao sa harap ng Diyos na tumatanggap ng Kanyang papuri. Ang mga taong gusto ng Diyos ay yaong mga tiyak na Kanya; sila yaong sa Kanya lamang magiging matapat. Ang mga kinasusuklaman ng Diyos ay yaong mga malamig sa Kanya at sumusuway sa Kanya. Kinasusuklaman Niya yaong mga naniniwala sa Kanya at laging gustong masiyahan sa Kanya habang hindi pa nagagawang lubos na gugulin ang kanilang sarili para sa Kanyang kapakanan. Kinasusuklaman Niya yaong mga nagsasabi na Siya ay mahal nila ngunit sumusuway sa Kanya sa kanilang puso; kinasusuklaman Niya yaong mga gumagamit ng magagaling at mabulaklak na salita upang manlinlang. Yaong mga hindi tunay na nakalaan sa Diyos o hindi pa tunay na nagpapasakop sa Kanya ay mga taksil at masyadong likas na mayabang. Yaong mga hindi tunay na makapagpasakop sa harap ng normal at praktikal na Diyos ay mas mayabang pa, at sila ay talagang ang masunuring mga inapo ng arkanghel. Ang mga taong tunay na ginugugol ang kanilang sarili para sa Diyos ay inilalagak ang buo nilang pagkatao sa Kanyang harapan; tunay silang nagpapasakop sa lahat ng Kanyang mga pahayag, at naisasagawa nila ang Kanyang mga salita. Ginagawa nilang pundasyon ng kanilang pag-iral ang mga salita ng Diyos, at nagagawa nilang taimtim na saliksikin ang

nilalaman ng mga salita ng Diyos upang alamin kung aling mga bahagi ang isasagawa. Sila yaong mga tao na tunay na namumuhay sa harap ng Diyos.

Hinango mula sa “Yaong mga Tunay na Nagmamahal sa Diyos ay Yaong mga Talagang Nagpapasakop sa Kanyang Pagiging Praktikal” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Nasa ganitong uri ng kalagayan ang karamihan ng mga tao ngayon: “Upang makamit ang mga pagpapala, dapat kong gugulin ang aking sarili para sa Diyos at magdusa para sa Kanya. Upang makamit ang mga pagpapala, dapat kong talikdan ang lahat para sa Diyos; dapat kong tapusin ang ipinagkatiwala Niya sa akin, at tuparing mabuti ang aking tungkulin.” Pinangingibabawan ito ng layuning magtamo ng mga pagpapala, na isang halimbawa ng paggugol sa sarili sa kabuuan para sa layunin ng pagkakamit ng mga gantimpala mula sa Diyos at pagkakamit ng isang korona. Hindi nagtataglay ng katotohanan ang mga puso ng ganoong mga tao, at tiyak na binubuo lamang ang kanilang pagkaunawa ng ilang salita ng doktrina na ipinangangalandakan nila saan man sila mapadako. Ang landas nila ay ang landas ni Pablo. Ang pananampalataya ng ganoong mga tao ay isang kilos ng palagiang mabigat na gawain, at nararamdaman nila sa kaibuturan na kung higit silang gumagawa, higit na mapatutunayan ang kanilang katapatan sa Diyos, na kung higit na marami silang ginagawa, higit na tiyak na malulugod ang Diyos, at kung higit na marami silang ginagawa, higit silang magiging karapat-dapat na pagkalooban ng isang korona sa harap ng Diyos, at tiyak na tatanggap ng pinakadakilang mga pagpapala sa tahanan Niya. Iniisip nila na kung makakaya nilang tiisin ang pagdurusa, mangangaral, at mamamatay para kay Cristo, kung makakaya nilang ihandog ang mga sarili nilang buhay, at kung makakaya nilang makumpleto ang lahat ng mga tungkuling ipinagkatiwala sa kanila ng Diyos, kung gayon ay mabibilang sila sa mga taong higit na pinagpala ng Diyos—yaong mga nagtatamo ng pinakadakilang mga pagpapala—at sa gayon ay tiyak na pagkakalooban ng mga korona. Ito ang tiyakang nailarawan ni Pablo sa isip at kanyang hinangad; ito ang mismong landas

na nilakaran ni Pablo, at sa ilalim ng paggabay ng ganoong mga saloobin isinagawa ni Pablo ang paglilingkod sa Diyos. Hindi ba nagmula ang gayong mga saloobin at mga layunin sa isang makasatanas na kalikasan? Katulad lamang ito ng mga makamundong tao, na naniniwalang dapat nilang itaguyod ang karunungan habang nasa lupa, at pagkatapos lamang makamtan ito ay saka lamang sila mamumukod sa madla, magiging mga opisyal, at magkakaroon ng katayuan; iniisip nila na kapag mayroon na silang katayuan, matutupad na rin nila ang kanilang mga ambisyon at maiaangat ang kanilang mga tahanan at negosyo sa mga tiyak na antas. Hindi ba't lahat ng hindi mananampalataya ay tumahak na sa landas na ito? Yaong mga pinangingibabawan ng ganitong malasatanas na kalikasan ay maaari lamang maging katulad ni Pablo sa kanilang pananampalataya: "Dapat kong itakwil ang lahat upang gugulin ang sarili ko para sa Diyos; dapat akong maging tapat sa harap Niya, at di maglalaon, tatanggapin ko ang pinakamaringal na korona at ang mga pinakadakilang pagpapala." Ito rin ang katulad na pag-uugali ng mga makamundong tao na naghahangad ng mga makamundong bagay; wala talaga silang anumang ipinagkaiba, at sumasailalim din sa katulad na kalikasan. Kapag may ganitong uri ng malasatanas na kalikasan ang mga tao, naroroon sa mundo, maghahangad silang magtamo ng karunungan, katayuan, pagkatuto, at upang mamukod sa madla; sa tahanan ng Diyos, hahangarin nilang gugulin ang kanilang mga sarili para sa Diyos, maging tapat, at pagkaraan ay magkamit ng korona at mga dakilang pagpapala. Kung, pagkaraang maging mga mananampalataya sa Diyos, hindi pa rin nag-aangkin ang mga tao ng katotohanan at hindi dumaan sa isang pagbabago ng kanilang disposisyon, kung gayon ay tiyak na mapupunta sila sa landas na ito. Ito ay isang realidad na hindi maitatatwa ng sinuman, at ito ay isang landas na tuwirang kasalungat sa landas ni Pedro.

Hinango mula sa "Paano Lakaran Ang Landas ni Pedro" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ngayon ay dapat mo nang makita nang malinaw ang eksaktong landas

na tinahak ni Pedro. Kung malinaw mong nakikita ang landas ni Pedro, makatitiyak ka sa gawaing ginagawa ngayon, para hindi ka magreklamo o magsawalang-kibo, o manabik sa anuman. Dapat mong maranasan ang pakiramdam ni Pedro sa panahong iyon: Labis siyang nalungkot; hindi na siya humiling ng kinabukasan o anumang mga pagpapala. Hindi siya naghangad na kumita, lumigaya, sumikat, o yumaman sa mundo; hinangad lamang niyang mamuhay ng pinaka-makabuluhang buhay, yaong masuklian ang pagmamahal ng Diyos at mailaan ang itinuring niyang pinakamahalaga sa Diyos. Sa gayon ay malulugod siya sa kanyang puso. Madalas siyang manalangin kay Jesus sa mga salitang: “Panginoong Jesucristo, minsan Kitang minahal, ngunit hindi Kita tunay na minahal. Bagama’t sinabi kong may pananampalataya ako sa Iyo, kailanma’y hindi Kita minahal nang taos-puso. Iginalang lamang Kita, sinamba Kita, at pinangulilahan Kita, ngunit hindi Kita minahal kailanman ni hindi ako talaga nagkaroon ng pananampalataya sa Iyo.” Palagi siyang nanalangin upang matibay siyang makapagpasiya, at palagi siyang nahikayat sa mga salita ni Jesus at naganyak siya mula sa mga iyon. Kalaunan, pagkaraan ng isang panahon ng karanasan, sinubok siya ni Jesus, na inuudyukan siyang manabik pang lalo sa Kanya. Sinabi niya: “Panginoong Jesucristo! Labis akong nangungulila sa Iyo, at nananabik akong masilayan Ka. Labis akong nagkukulang, at hindi ko matumbasan ang Iyong pagmamahal. Nagmamakaawa akong kunin Mo na ako kaagad. Kailan Mo ako kakailanganin? Kailan Mo ako kukunin? Kailan ko muling masisilayan ang Iyong mukha? Ayaw ko nang mabuhay sa katawang ito, upang patuloy na maging tiwali, ni hindi ko nais na maghimagsik pa. Handa akong ilaan sa Iyo ang lahat ng mayroon ako sa lalong madaling panahon, at ayaw kong palungkutin Ka pa.” Ganito siya nanalangin, ngunit hindi niya alam sa panahong ito kung ano ang gagawing perpekto ni Jesus sa kanya. Habang nahihirapan sa kanyang pagsubok, nagpakitang muli si Jesus sa kanya at sinabing: “Pedro, nais kong gawin kang perpekto, hanggang sa ikaw ay maging isang piraso ng bunga, na siyang bubuo sa Aking pagpeperpekto sa iyo, at siyang ikasisiya Ko. Maaari ka bang tunay na magpatotoo para

sa Akin? Nagawa mo ba ang ipinagagawa Ko sa iyo? Naisabuhay mo ba ang mga salitang nasambit Ko? Minsan mo Akong minahal, ngunit kahit minahal mo Ako, naisabuhay mo ba Ako? Ano ang nagawa mo para sa Akin? Kinikilala mo na hindi ka karapat-dapat sa Aking pagmamahal, ngunit ano ang nagawa mo para sa Akin?" Nakita ni Pedro na wala siyang nagawa para kay Jesus at naalala niya ang dating sumpa na ibibigay niya ang kanyang buhay sa Diyos. Kaya nga, hindi na siya nagreklamo, at ang kanyang mga panalangin mula noon ay mas bumuti pa. Nanalangin siya, sinasabing: "Panginoong Jesucristo! Minsan Kitang tinalikuran, at minsan Mo rin akong tinalikuran. Gumugol tayo ng panahon na magkahiwalay, at ng panahon na magkasama. Subalit minahal Mo ako nang higit sa lahat. Paulit-ulit akong naghimagsik laban sa Iyo at paulit-ulit Kitang pinagdalamhati. Paano ko malilimutan ang gayong mga bagay? Lagi kong isinasaisip at hindi ko kinalilimutan ang gawaing nagawa mo sa akin at ang naipagkatiwala Mo sa akin. Nagawa ko ang lahat ng makakaya ko para sa gawaing nagawa Mo sa akin. Alam Mo kung ano ang kaya kong gawin, at alam Mo rin kung anong papel ang kaya kong gampanan. Nais kong magpasakop sa Iyong mga pagsasaayos, at ilalaan ko sa Iyo ang lahat ng mayroon ako. Ikaw lamang ang nakakaalam kung ano ang kaya kong gawin para sa Iyo. Bagama't labis akong nilinlang ni Satanas at naghimagsik ako laban sa Iyo, naniniwala ako na hindi Mo ako inaalala sa mga paglabag na iyon at na hindi Mo ako tinatrato batay sa mga iyon. Nais kong ilaan ang buong buhay ko sa Iyo. Wala akong hinihiling, ni wala akong ibang mga inaasam o mga plano; nais ko lamang kumilos ayon sa Iyong layon at gawin ang Iyong kalooban. Iinom ako mula sa Iyong mapait na saro, at narito ako upang pag-utusan Mo."

Hinango mula sa "Paano Nakilala ni Pedro si Jesus" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Dapat kang magdusa ng kahirapan alang-alang sa katotohanan, dapat mong ibigay ang iyong sarili sa katotohanan, dapat kang magtiis ng kahihiyan para sa katotohanan, at upang higit pang makamit ang

katotohanan, dapat kang sumailalim sa higit pang pagdurusa. Ito ang dapat mong gawin. Hindi mo dapat itapon ang katotohanan alang-alang sa isang mapayapang buhay pamilya, at hindi mo dapat iwala ang dangal at katapatan ng iyong buhay para sa pansamantalang kasiyahan. Dapat mong hangarin ang lahat ng mainam at mabuti, at dapat mong hangarin ang isang landas sa buhay na higit na makahulugan. Kung ang pinangungunahan mo ay isang mahalay na buhay, at walang hinahangad na anumang mga layunin, hindi ba't sinasayang mo ang iyong buhay? Ano ba ang iyong makakamtan mula sa ganitong pamumuhay? Dapat mong talikuran ang lahat ng kasiyahan ng laman alang-alang sa nag-iisang katotohanan, at hindi mo dapat sayangin ang lahat ng katotohanan alang-alang sa isang munting kasiyahan. Ang mga ganitong tao ay walang katapatan o dangal. Walang kabuluhan ang kanilang pag-iral!

Hinango mula sa "Ang mga Karanasan ni Pedro: Ang Kanyang Kaalaman sa Pagkastigo at Paghatol" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung anuman ang hinihingi sa iyo ng Diyos, kailangan mo lamang ibigay dito ang iyong lahat-lahat. Makaaasang nakakaya mong ipakita ang iyong katapatan sa Diyos sa harap Niya sa katapusan, at hangga't nakikita mo ang nasisiyahang ngiti ng Diyos sa Kanyang trono, kung ito man ay ang oras ng iyong kamatayan, dapat mong makayang tumawa at ngumiti habang ipinipikit ang iyong mga mata. Dapat mong gawin ang iyong huling tungkulin sa Diyos sa loob ng iyong panahon sa lupa. Sa nakaraan, si Pedro ay ipinako sa krus nang pabaligtad para sa Diyos; subali't, dapat mong bigyang-kasiyahan ang Diyos sa katapusan, at ubusin ang lahat ng iyong lakas para sa Diyos. Ano ang maaaring gawin ng isang nilalang para sa Diyos? Kaya dapat mong ibigay ang iyong sarili sa ilalim ng pagsasaayos ng Diyos nang mas maaga sa halip na mas huli. Hangga't ang Diyos ay masaya at nasisiyahan, kung gayon ay hayaan Siyang gawin kung ano ang ninanais Niya. Ano ang karapatan na mayroon ang mga tao para dumaing?

Hinango mula sa "Kabanata 41" ng Mga Pakahulugan sa mga Hiwaga ng mga Salita ng Diyos

sa Buong Sansinukob sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung lubhang nagagalak kang maging isang tagapaglingkod sa tahanan ng Diyos, na gumagawa nang masigasig at matapat sa di-katanyagan, palaging nagbibigay at hindi kailanman kumukuha, sinasabi Kong isa kang tapat na banal, sapagkat hindi ka naghahanap ng gantimpala at nagsisikap lamang na maging tapat na tao. Kung handa kang maging matapat, kung handa kang gugulin ang lahat ng nasa iyo, kung kaya mong isakripisyo ang buhay mo para sa Diyos at tumayong matatag sa patotoo mo, kung tapat ka hanggang sa puntong pagbibigay-kasiyahan lamang sa Diyos ang alam mo at hindi pagsaalang-alang ng sarili mo o pagkuha para sa sarili mo, sinasabi Kong ang ganitong mga tao ay yaong mga pinalulusog sa liwanag at siyang mabubuhay kailanman sa kaharian.

Hinango mula sa “Tatlong Paalaala” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ngayon, yaong may tunay na pagmamahal sa Akin—mapalad ang gayong mga tao. Mapalad ang mga nagpapasakop sa Akin, siguradong mananatili sila sa Aking kaharian. Mapalad ang mga nakakakilala sa Akin, siguradong gagamit sila ng kapangyarihan sa Aking kaharian. Mapalad ang mga naghahanap sa Akin, siguradong makakalaya sila mula sa mga gapos ni Satanas at magtatamasa ng Aking mga pagpapala. Mapalad ang mga nagagawang talikuran ang kanilang sarili, siguradong papasok sila sa Aking nasasakupan at magmamana ng kasaganaan ng Aking kaharian. Aalalahanin Ko ang mga nagsusumikap para sa Akin, yayakapin Ko nang may kagalakan ang mga gumugugol para sa Akin, at pagkakalooban Ko ng mga kasiyahan ang mga nag-aalay sa Akin. Pagpapalain Ko ang mga nasisiyahan sa Aking mga salita; siguradong magiging mga haligi sila na magtataas ng tukod sa Aking kaharian, siguradong magkakaroon sila ng walang-kapantay na kasaganaan sa Aking bahay, at walang maikukumpara sa kanila. Nakatanggap na ba kayo ng mga pagpapalang ibinigay sa inyo? Naghanap na ba kayo ng mga pangakong ginawa para sa inyo? Siguradong kayo, sa ilalim ng patnubay ng Aking liwanag, ay

makakawala mula sa pagsakal ng mga puwersa ng kadiliman. Sa gitna ng kadiliman, siguradong hindi mawawala sa inyo ang liwanag na gumagabay sa inyo. Siguradong kayo ang magiging panginoon ng lahat ng nilikha. Siguradong kayo ay magiging mananagumpay sa harap ni Satanas. Siguradong tatayo kayo, sa pagbagsak ng kaharian ng malaking pulang dragon, sa gitna ng napakaraming tao upang sumaksi sa Aking tagumpay. Siguradong kayo ay magiging matatag at di-natitinag sa lupain ng Sinim. Sa pamamagitan ng mga pagdurusang tinitiis ninyo, mamanahin ninyo ang Aking mga pagpapala, at siguradong magniningning sa inyo ang Aking kaluwalhatian sa buong sansinukob.

Hinango mula sa “Kabanata 19” ng Mga Salita ng Diyos sa Buong Sansinukob sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

77. Ang Mga Prinsipyo sa Pagsasanggalang sa Gawain ng Bahay ng Diyos

(1) Kinakailangang makilala ang mga bulaang lider, anticristo, masasamang tao, at ’di mananampalataya, at kapag nahanap sila, agad-agad silang ilantad at pamahalaan upang maipagsanggalang ang normal na buhay ng iglesia;

(2) Kapag nalaman na ang isang bulaang lider o manggagawa ay hindi kayang gumawa ng praktikal na gawain, dapat na makipag-ugnayan sa mga hinirang ng Diyos para kilalanin sila, at agad silang tanggihan at tanggalin;

(3) Kinakailangang ilantad at pabulaanan ang lahat ng uri ng hidwang pananampalataya at maling pag-iisip. Tulungan ang hinirang na bayan ng Diyos na makilala ang mga ito, upang hindi sila malinlang, at siguraduhing naghahari sa iglesia ang salita ng Diyos ang katotohanan;

(4) Kinakailangang ibuhay ang buhay iglesia nang lubusang naaayon sa mga pagsasaayos ng tungkulin na mula sa Itaas. Mag-ingat sa mga anticristo at masasamang tao na sumusunod sa sarili nilang kagustuhan at nanlilinlang ng mga hinirang ng Diyos;

(5) Dapat matutuhan ng isang tao na kilalanin ang mga anticristo at

masasamang tao, kung sakaling palibutan nila ang mga lider at manggagawa ng iglesia. Tukuyin ang mga pakana ni Satanas, at protektahan ang mga lider at manggagawa.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Kasalukuyang itinatayo ang iglesia at sinusubukan ni Satanas ang buong makakaya nito upang gibain ito. Nais nitong gibain ang Aking pagtatayo sa anumang posibleng paraan; dahil dito, dapat na dalisayin kaagad ang iglesia. Wala ni katiting na mga latak ng kasamaan ang dapat matira; dapat dalisayin ang iglesia upang wala itong maging kapintasan at magpatuloy itong maging kasingdalisay ng dati. Dapat gising kayo at naghihintay sa lahat ng oras, at dapat kayong mas manalangin sa harapan Ko. Dapat ninyong makilala ang iba't ibang balak at mga tusong pakana ni Satanas, makilala ang mga espiritu, makilala ang mga tao, at makayang makilatis ang lahat ng uri ng tao, pangyayari, at bagay; dapat ding mas kumain at uminom kayo ng Aking mga salita at, lalong mahalaga, dapat ninyong makayang kumain at uminom ng mga ito nang kayo lamang. Sangkapan ninyo ang inyong mga sarili ng lahat ng katotohanan, at lumapit sa Akin upang mabuksan Ko ang inyong espirituwal na mga mata at mapahintulutan kayong makita ang lahat ng hiwaga na nasa loob ng espiritu…. Kapag pumapasok ang iglesia sa yugto ng pagtatayo nito, ang mga banal ay nagmamartsa upang makidigma. Inilalagay sa harap ninyo ang iba't ibang nakapangingilabot na katangian ni Satanas: Tumitigil ba kayo at umuurong, o tumatayo ba kayo at patuloy na lumalakad pasulong na umaasa sa Akin? Lubusan ninyong ilantad ang tiwali at pangit na mga katangian ni Satanas, kahit na may masaktang damdamin, at huwag kayong magpakita ng awa! Labanan mo si Satanas hanggang kamatayan! Ako ang iyong suporta, at dapat kang magkaroon ng espiritu ng batang lalaki! Nagwawala si Satanas sa kahuli-hulihang paghihingalo nito, pero hindi pa rin nito matatakasan ang Aking paghatol. Nasa ilalim ng Aking mga paa si Satanas at tinatapakan din ito ng inyong sariling mga paa—ito ay isang katunayan!

Lahat ng relihiyosong nanggagambala, at ang mga gumigiba sa

pagtatayo ng iglesia, ay hindi mapakikitaan ng kahit katiting na pagpaparaya at sa halip ay kaagad silang hahatulan; si Satanas ay malalantad, yuyurakan, lubusang wawasakin, at maiiwan na walang matataguan. Tiyak na ibubunyag ng lahat ng uri ng mga demonyo at multo ang kanilang tunay na mga anyo sa harapan Ko, at itatapon Ko silang lahat sa walang-hanggang kalaliman kung saan hindi sila makalalaya kailanman; lahat sila ay magiging nasa ilalim ng ating mga paa. Kung gusto mong pagsumikapang gawin ang tama para sa katotohanan, una sa lahat, hindi mo dapat bigyan si Satanas ng anumang pagkakataon na gumawa—sa layuning ito, kailangan ninyong maging isa sa isipan at kayang maglingkod nang may koordinasyon, iwanan ang lahat ng sarili ninyong pagkaunawa, opinyon, pananaw at paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay, payapain ang puso ninyo sa loob Ko, magtuon sa tinig ng Banal na Espiritu, pagtuunan ng pansin ang gawain ng Banal na Espiritu, at danasin ang mga salita ng Diyos nang detalyado. Dapat kang magkaroon ng isang intensyon lamang, ang mangyari ang kalooban Ko. Wala ka dapat na iba pang intensyon bukod dito. Dapat kang tumingin sa Akin nang buong puso, masdang mabuti ang Aking mga pagkilos at ang paraan ng paggawa Ko ng mga bagay-bagay, at huwag maging pabaya sa anumang paraan. Dapat na matalas ang espiritu mo at bukas ang iyong mga mata. Karaniwan, pagdating sa mga hindi tama ang mga intensyon at layunin, pati na rin ang mga gustong nakikita ng iba, na mga sabik gumawa ng mga bagay-bagay, na mga malamang magdulot ng mga pagkagambala, na magagaling manalumpati ng mga relihiyosong doktrina, na mga kampon ni Satanas, at iba pa—kapag tumatayo ang mga taong ito, nagiging suliranin sila para sa iglesia, at napupunta sa wala ang pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos ng mga kapatid. Kapag nakatagpo kayo ng ganitong uri ng mga taong nagkukunwari, agad na pagbawalan sila. Kung, sa kabila ng paulit-ulit na mga pagpapaalaala, hindi sila nagbabago, daranas sila ng kawalan. Kung ang mga nagmamatigas na ipilit ang kanilang paraan ay magtatangkang ipagtanggol ang kanilang sarili at susubukang pagtakpan ang kanilang mga kasalanan, dapat silang agad na tanggalin ng iglesia at

huwag bigyan ng lugar para magmaniobra. Huwag mawalan ng marami sa pagsisikap na magligtas ng kaunti; at ituon ang pansin sa kabuuan.

Hinango mula sa “Kabanata 17” ng Mga Pagbigkas ni Cristo sa Pasimula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Bawat iglesia ay may mga taong nagsasanhi ng kaguluhan para sa iglesia o nakikialam sa gawain ng Diyos. Lahat sila ay mga Satanas na nakapasok sa bahay ng Diyos nang nakabalatkayo. Ang gayong mga tao ay mahusay umakto: Humaharap sila sa Akin nang may malaking pagpipitagan, nakayuko at kumakayod, umaasal na parang mga asong galisin, at inilalaan ang kanilang “lahat-lahat” para makamtan ang sarili nilang mga layunin—ngunit sa harap ng mga kapatid, ipinapakita nila ang kanilang pangit na panig. Kapag nakakakita sila ng mga taong nagsasagawa ng katotohanan, pinipintasan nila ang mga ito at itinutulak sa isang tabi; kapag nakakakita sila ng mga taong mas nakakatakot kaysa sa kanila, pinupuri at binobola nila ang mga ito. Nagwawala sila sa loob ng iglesia. Masasabi na ang gayong “lokal na mga maton,” ang gayong “mga sipsip,” ay umiiral sa karamihan ng mga iglesia. Sama-sama silang kumikilos nang malademonyo, nagpapahatid ng mga kindat at lihim na senyas sa isa’t isa, at walang isa man sa kanila ang nagsasagawa ng katotohanan. Sino man ang may pinakamakamandag na lason ay siyang “punong demonyo,” at sino man ang may pinakamataas na karangalan ay namumuno sa kanila, at iwinawagayway ang kanilang bandila. Naghuhuramentado ang mga taong ito sa loob ng iglesia, nagkakalat ng kanilang pagkanegatibo, bumubulalas ng kamatayan, ginagawa ang gusto nila, sinasabi ang gusto nila, at walang sinumang nangangahas na pigilan sila. Puno sila ng disposisyon ni Satanas. Katatapos pa lamang nilang manggulo ay pumapasok na ang simoy ng kamatayan sa iglesia. Yaong mga nasa iglesia na nagsasagawa ng katotohanan ay pinalalayas, na hindi ginagawa ang lahat, samantalang yaong mga nanggugulo sa iglesia at nagkakalat ng kamatayan ay nagwawala sa loob—bukod pa riyan, karamihan sa mga tao ay sumusunod sa kanila. Ang gayong mga iglesia

ay pinamumunuan ni Satanas, walang duda; ang diyablo ang kanilang hari. Kung ang mga nagtitipon ay hindi tumatayo at tumatanggi sa mga punong demonyo, sila rin sa malao't madali ay mawawasak. Mula ngayon, kailangang gumawa ng mga hakbang laban sa gayong mga iglesia. Kung hindi ito hahangarin ng mga may kakayahang magsagawa ng kaunting katotohanan, bubuwagin ang iglesiang iyon. Kung walang sinuman sa isang iglesia ang handang magsagawa ng katotohanan at walang sinumang maaaring tumayong saksi para sa Diyos, dapat ay ihiwalay nang lubusan ang iglesiang iyon, at kailangang putilin ang mga koneksyon nito sa ibang mga iglesia. Tinatawag itong "paglilibing sa kamatayan"; ito ang ibig sabihin ng palayasin si Satanas. Kung may ilang lokal na maton sa isang iglesia, at sinusundan sila ng "maliliit na langaw" na lubos na hindi makaintindi, at kung ang mga nagtitipon, kahit nakita na nila ang katotohanan, ay wala pa ring kakayahang tanggihan ang mga gapos at manipulasyon ng mga maton na ito, lahat ng hangal na iyon ay aalisin sa huli. Maaaring walang nagawang kakila-kilabot ang maliliit na langaw na ito, ngunit mas mapanlinlang pa sila, mas tuso at mahusay umiwas, at lahat ng kagaya nito ay aalisin. Wala ni isang matitira! Yaong mga nabibilang kay Satanas ay ibabalik kay Satanas, samantalang yaong nabibilang sa Diyos ay tiyak na hahanapin ang katotohanan; ipinapasiya ito ng kanilang likas na pagkatao. Hayaang mapahamak ang lahat ng sumusunod kay Satanas! Walang habag na ipapakita sa gayong mga tao. Hayaan yaong mga naghahanap sa katotohanan na masustentuhan, at nawa'y masiyahan sila sa salita ng Diyos hangga't gusto nila. Ang Diyos ay matuwid; hindi Siya magpapakita ng paboritismo kaninuman. Kung ikaw ay isang diyablo, wala kang kakayahang magsagawa ng katotohanan; kung ikaw ay isang taong naghahanap sa katotohanan, tiyak na hindi ka mabibihag ni Satanas. Walang kaduda-duda iyan.

Hinango mula sa "Isang Babala sa mga Hindi Nagsasagawa ng Katotohanan" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang pinakadakilang tagubilin ng Diyos sa sangkatauhan ay ang

pinakadakilang pakinabang sa bahay ng Diyos. Anong pakinabang ito? Ito ay ang pagsasakatuparan ng anim-na-libong-taong plano ng pamamahala ng Diyos sa sangkatauhan, isang pagsasakatuparan na likas na kinapapalooban ng maraming aspeto. Ano ang nakapaloob dito, kung gayon? Nakapaloob dito ang pagtatatag at pagbuo ng iglesia at ang paglitaw ng mga pinuno at manggagawa sa lahat ng antas ng iglesia, na inihahanda ang daan para sa hindi mapipigilang daloy ng lahat ng gawain sa iglesia na may kaugnayan sa bagong gawain ng Diyos at sa pagpapalaganap ng Kanyang ebanghelyo. Kinasasangkutan ito ng iglesia; ito ay sa kapakinabangan ng iglesia. Ito ang pinakamahalagang bagay kaakibat ng madalas nang nababanggit na interes ng Diyos, ng Kanyang bahay, at ng iglesia. Lumalawak ang gawain ng Diyos; makadadaloy nang walang hadlang ang planong pamamahala ng Diyos; makadadaloy nang walang hadlang ang hangarin at kalooban ng Diyos sa tao; at mapapalawig, maipapahayag, at maipangangaral nang mas malawak ang mga salita ng Diyos sa kanila; lalong darami ang mga magbabalik-loob sa Diyos. Ito ang layunin at ang pinakasentro ng lahat ng gawaing ito na ginagawa ng Diyos. Samakatuwid, anuman ang may kaugnayan sa mga interes ng bahay ng Diyos at ng iglesia ay tiyak na may kaugnayan din sa kalooban at planong pamamahala ng Diyos. Partikular na may kaugnayan ito sa kung makadadaloy nang walang hadlang ang gawain ng Diyos sa bawat kapanahunan at yugto, kung mapapalawak ba ito, at kung makakausad ba ito nang dahan-dahan sa sangkatauhan, kung uunlad ba nang dahan-dahan, at maisasakatuparan ba nang walang hadlang. Kung umuusad ang lahat ng ito nang normal, malalagay na sa kasiguraduhan ang mga interes ng sambahayan at iglesia ng Diyos, at malalagay rin sa kasiguraduhan ang Kanyang kaluwalhatian at patotoo. Kung napipigilan ang gawain ng Diyos sa Kanyang bahay at sa iglesia at hindi makadaloy nang walang sagabal, kung nahahadlangan ang kalooban ng Diyos at ang gawain na Kanyang gagawin, tiyak na mapipinsalang lubos ang mga interes ng bahay ng Diyos at ng iglesia. Magkadugtong ang mga bagay na ito. Ibig sabihin din nito, kapag labis na napipinsala o nahahadlangan ang

mga interes ng bahay ng Diyos at ng iglesia, tiyak na labis na mahahadlangan ang Kanyang plano ng pamamahala, at labis na napipinsala ang interes ng Diyos.

Hinango mula sa “Kung Ano ba ang Katotohanan” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, pananalangin, pagtanggap ng pasanin ng Diyos, at pagtanggap ng mga gawaing ipinagkakatiwala Niya sa iyo—lahat ng ito ay para mayroong landas sa iyong harapan. Kapag mas mabigat ang pasaning ipinagkatiwala sa iyo ng Diyos, mas madali ka Niyang mapeperpekto. Ayaw makipagtulungan ng ilan sa iba sa paglilingkod sa Diyos, kahit natawag sila; tamad ang mga taong ito na nais lamang magsaya sa kaginhawahan. Kapag mas pinaglilingkod ka sa pakikipagtulungan sa iba, mas marami kang mararanasan. Dahil mas marami kang pasanin at karanasan, magkakaroon ka ng mas maraming pagkakataong maperpekto. Samakatuwid, kung kaya mong paglingkuran nang tapat ang Diyos, isasaisip mo ang pasanin ng Diyos; dahil diyan, magkakaroon ka ng mas maraming pagkakataong maperpekto ng Diyos. Ang gayong grupo lamang ng mga tao ang kasalukuyang pineperpekto. Kapag mas inaantig ka ng Banal na Espiritu, mas maraming panahon kang iuukol sa pagsasaisip sa pasanin ng Diyos, mas mapeperpekto ka ng Diyos, at mas makakamit ka Niya—hanggang, sa bandang huli, magiging isang tao ka na kinakasangkapan ng Diyos. Sa kasalukuyan, may ilan na walang dinadalang pasanin para sa iglesia. Ang mga taong ito ay maluwag at pabaya, at ang tanging pinahahalagahan nila ay ang sarili nilang laman. Ang gayong mga tao ay masyadong makasarili, at bulag din sila. Kung hindi malinaw sa iyo ang bagay na ito, hindi ka magdadala ng anumang pasanin. Kapag mas isinasaisip mo ang kalooban ng Diyos, mas mabigat ang pasaning ipagkakatiwala Niya sa iyo. Ang mga makasarili ay ayaw magtiis ng gayong mga bagay; ayaw nilang bayaran ang halaga, at, dahil dito, mawawalan sila ng mga pagkakataong maperpekto ng Diyos. Hindi ba nila sinasaktan ang kanilang sarili? Kung ikaw ay isang tao na isinasaisip ang kalooban ng Diyos, makakabuo ka ng

tunay na pasanin para sa iglesia. Sa katunayan, sa halip na tawagin itong pasanin na dinadala mo para sa iglesia, mas mainam na tawagin itong pasanin na dinadala mo para sa iyong sariling buhay, dahil ang layunin ng pasaning ito na binubuo mo para sa iglesia ay para magamit mo ang gayong mga karanasan upang maperpekto ka ng Diyos. Samakatuwid, sinuman ang nagdadala ng pinakamabigat na pasanin para sa iglesia, at sinuman ang nagdadala ng isang pasanin para makapasok sa buhay—sila ang magiging mga taong pineperpekto ng Diyos. Malinaw na ba ito sa iyo? Kung ang iglesiang kinabibilangan mo ay nakakalat na parang buhangin, ngunit hindi ka nag-aalala ni nababahala, at nagbubulag-bulagan ka pa kapag hindi normal na kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos ang iyong mga kapatid, hindi ka nagdadala ng anumang mga pasanin. Ang gayong mga tao ay hindi ang klaseng kinatutuwaan ng Diyos. Ang klase ng mga taong kinatutuwaan ng Diyos ay nagugutom at nauuhaw para sa katuwiran at isinasaisip ang kalooban ng Diyos. Sa gayon, dapat ninyong isaisip ang pasanin ng Diyos, ngayon mismo; hindi ninyo dapat hintaying ihayag ng Diyos ang Kanyang matuwid na disposisyon sa buong sangkatauhan bago ninyo isaisip ang pasanin ng Diyos. Hindi ba magiging huli na ang lahat sa oras na iyon? Ngayon ang magandang pagkakataon upang maperpekto ng Diyos. Kung hahayaan mong makalagpas ang pagkakataong ito, pagsisisihan mo iyon habambuhay, gaya noong hindi nagawang pumasok ni Moises sa magandang lupain ng Canaan at pinagsisihan niya ito habambuhay, at namatay nang may taos na pagsisisi. Kapag naihayag na ng Diyos ang Kanyang matuwid na disposisyon sa lahat ng bayan, mapupuspos ka ng pagsisisi. Kahit hindi ka kastiguhin ng Diyos, kakastiguhin mo ang iyong sarili dahil sa sarili mong taos na pagsisisi. Hindi kumbinsido rito ang ilan, ngunit kung hindi ka naniniwala rito, maghintay ka lang at makikita mo. May ilang tao na ang tanging layunin ay tuparin ang mga salitang ito. Handa ka bang isakripisyo ang sarili mo para sa mga salitang ito?

Hinango mula sa “Isaisip ang Kalooban ng Diyos para Makamit ang Pagiging Perpekto” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung paano mo tinuturing ang mga tagubilin ng Diyos ay napakaseryosong bagay! Kung hindi mo makukumpleto ang ipinagkatiwala sa iyo ng Diyos, hindi ka nababagay na mabuhay sa piling Niya at dapat kang parusahan. Batas ng Langit at prinsipyo sa lupa na kumpletuhin ng mga tao ang anumang mga tagubiling ipinagkakatiwala ng Diyos sa kanila; ito ang pinakamataas nilang responsibilidad, na kasinghalaga ng kanilang mismong buhay. Kung hindi mo sineseryoso ang mga tagubilin ng Diyos, pinagtataksilan mo Siya sa pinakamabigat na paraan; dahil dito, mas kaawa-awa ka kaysa kay Judas, at dapat na isumpa. Kailangang magtamo ang mga tao ng ganap na pagkaunawa kung paano titingnan ang ipinagkakatiwala sa kanila ng Diyos at kailangan nilang maunawaan man lang na ang mga tagubiling ipinagkakatiwala Niya sa sangkatauhan ay mga pagdakila at mga espesyal na pabor mula sa Diyos; napakaluwalhating bagay ang mga ito. Ang lahat ng iba pa ay maaaring talikuran; kahit pa kailanganing isakripisyo ng isang tao ang kanyang sariling buhay, kailangan niya pa ring tuparin ang tagubilin ng Diyos.

Hinango mula sa “Paano Malalaman ang Kalikasan ng Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Dapat mong gawin ang anumang bagay na kapaki-pakinabang sa gawain ng Diyos, at hindi ang anumang nakasasama sa mga interes ng gawain ng Diyos. Dapat mong ipagtanggol ang pangalan ng Diyos, ang patotoo ng Diyos, at ang gawain ng Diyos.

Dapat mong panindigan at panagutan ang anumang may kaugnayan sa mga kapakanan ng bahay ng Diyos, o ang may kinalaman sa gawain ng bahay ng Diyos at pangalan ng Diyos. Bawat isa sa inyo ay may ganitong pananagutan, ganitong katungkulan, at ito ang dapat ninyong gawin.

Hinango mula sa “Isang Panayam Tungkol sa mga Atas Administratibo ng Diyos sa Kapanahunan ng Kaharian” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sa iglesia, maging matatag kayo sa inyong patotoo sa Akin, panindigan ang katotohanan; ang tama ay tama at ang mali ay mali. Huwag malito sa kung alin ang itim at puti. Makikipagdigma kayo kay

Satanas at dapat ninyong lubusang magapi ito upang sa gayon ay hindi na ito kailanman babangon. Dapat ninyong ibigay ang lahat ng mayroon kayo upang pangalagaan ang Aking patotoo. Ito ang magiging layunin ng inyong mga pagkilos—huwag kalimutan ito. Subali't ngayon, kulang kayo sa pananampalataya at sa kakayahang makita ang pagkakaiba ng mga bagay-bagay at lagi kayong hindi makaunawa sa Aking mga salita at sa Aking mga hangarin. Gayunpaman, huwag mag-alala; ang lahat ay nagpapatuloy ayon sa Aking mga hakbang at humahantong lamang ang pagkabahala sa kaguluhan. Gumugol kayo ng higit na panahon sa harap Ko at huwag bigyang-halaga ang pagkain at kasuotan, na para sa pisikal na katawan. Madalas na hanapin ang Aking mga hangarin, at malinaw Kong ipakikita sa iyo kung ano ang mga iyon. Unti-unti mong masusumpungan ang Aking mga hangarin sa lahat ng bagay, kaya makakapasok Ako sa bawat tao nang walang hadlang. Magbibigay-kasiyahan ito sa Aking puso, at tatanggap kayo ng mga pagpapala kasama Ko magpakailan pa man!

Hinango mula sa "Kabanata 41" ng Mga Pagbigkas ni Cristo sa Pasimula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ano ang disposisyon ng kawalan ng pananagutan? Ito ay ang pagiging tuso. Ang pinaka-kapansin-pansing bagay sa mga pilosopiya ng tao sa pamumuhay ay ang pagiging tuso. Iniisip ng mga tao na masasaktan nila ang damdamin ng iba at hindi mapangangalagaan ang kanilang mga sarili kung hindi sila tuso; iniisip nila na kailangan nilang maging tuso upang hindi maghinanakit o masaktan ang sinuman, sa gayon ay mapananatili nilang ligtas ang kanilang mga sarili, mapangangalagaan ang kanilang mga kabuhayan at magkakaroon ng matatag na katatayuan sa mga tao. Ganitong kumilos ang mga tao sa mundo ng mga di-mananampalataya; bakit kaya ganito pa ring kumilos ang ilang mga tao sa bahay ng Diyos? Wala silang kibo kahit na makita nilang may sumisira sa mga kapakanan ng bahay ng Diyos; mabuti pang sabihin na lang nila "Kung may ibang gustong umalma tungkol dito, hayaan ninyo sila—pero ako, hindi aalma.

Hindi ko sasaktan ang damdamin ninuman at hindi ako maglalakas-loob magsalita.” Ito ay kawalan ng pananagutan at pagiging tuso at ang mga ganoong tao ay hindi dapat pinagkakatiwalaan. Upang mapangalagaan ang kanilang pagpapahalaga sa sarili, reputasyon, integridad, at dignidad, magsasauli sila ng perang napulot sa may-ari nito, nagagalak sa pagtulong sa iba, inaalay ang kanilang buhay alang-alang sa isang makatuwirang layunin, ginagawa ang anuman para sa ibang tao at hindi nag-aatubiling magbayad ng anumang halaga. Subalit kapag kinakailangang pangalagaan ang mga kapakanan ng bahay ng Diyos, pangalagaan ang katotohanan at pangalagaan ang hustisya, ang lahat ng ito ay naglalaho at hindi na nila isinasabuhay ang katotohanan. Ano ang problema? May umiiral na disposisyon dito, isa na ang pagkamuhi sa katotohanan. Bakit sinasabi kong mayroon silang disposisyon ng pagkasuklam sa katotohanan? Ito ay nagsisimula sa katotohanang tumatakas at umiiwas ang mga tao sa sandaling nariyan na ang realidad ng mga positibong bagay. Bagama’t maaaring nakadarama sila ng kaunting pagsisisi, hindi nila iyon pinapansin at nais nila iyong pigilan, saka iniisip, “Hindi ko iyon gagawin—isa iyong kahangalan,” o baka iniisip nilang hindi iyon isang mahalagang bagay, at maaari nilang pag-usapan na lang iyon sa ibang pagkakataon. Tumatakas sila at nabibigong akuin ang responsibilidad pagdating sa paninindigan sa hustisya at mga positibong bagay. Nagbubulag-bulagan sila at hindi siniseryoso ang bagay na ito. Ito ay halimbawa ng kawalan ng pagmamahal sa mga positibong bagay at ng pagkamuhi sa katotohanan. Kung gayon, paano ka dapat kumilos kapag lumitaw ang problemang ito? Ano-ano ang mga prinsipyo? Kung ang isang usapin ay nauugnay sa mga kapakanan ng bahay ng Diyos o sa pagpapatotoo para sa Diyos, kinakailangan mo itong tratuhin nang seryoso kung paano mong tinatrato ang mga pansarili mong kapakanan at gawin iyon sa abot ng iyong makakaya—ito ang ugali ng isang taong nagmamahal sa katotohanan at mga positibong bagay, isang taong umaako ng responsibilidad. Kung wala kayong ganitong ugali at pabaya sa pangangasiwa ng mga bagay-bagay at iniisip ninyong “Gagawin ko ang mga bagay na saklaw ng aking sariling

tungkulin ngunit wala na akong pakialam sa iba pa. Kung may tinanong ka sa akin, sasagutin kita—kung nasa kundisyon ako. Kung wala naman, hindi kita sasagutin. Ito ang ugali ko," kung gayon, ito ang uri ng disposisyong mayroon ka. Para lamang pangalagaan ang sariling posisyon, reputasyon, pagpapahalaga sa sarili at para lamang pangalagaan ang mga bagay na may kaugnayan sa pansariling interes—pinangangalagaan ba ng isang tao kung gayon ang isang makatuwirang layunin? Pinangangalagaan ba nila ang mga positibong bagay? Ang mga maliliit at mga makasariling motibong ito ay isang disposisyon ng pagkamuhi sa katotohanan. Karamihan sa inyo ay madalas na nagpapahayag ng mga ganitong uri ng pag-uugali at sa sandaling may makaharap kayong may kaugnayan sa mga kapakanan ng pamilya ng Diyos, nagsisinungaling kayo at sinasabing "Hindi ko nakita…. Hindi ko alam…. Hindi ko pa naririnig…." Kung totoo mang hindi mo alam ang isang bagay o nagkukunwari ka lamang na hindi, sa madaling salita ay may umiiral na disposisyon dito.

Hinango mula sa "Ang Pag-unawa sa Disposisyon ng Isang Tao ang Pundasyon ng Pagbabago Nito" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kapag naging buhay mo na ang katotohanan, kung may sinumang lalapastangan sa Diyos, walang paggalang sa Diyos, padalos-dalos sa kanilang tungkulin, nagdudulot ng mga pagkaantala o ginagambala ang gawain ng tahanan ng Diyos, at kapag nakita mong nangyayari ito, magagawa mong mawari at mailantad ito kung kinakailangan, at dinudulog ito nang ayon sa katotohanang prinsipyo. Kung hindi mo naging buhay ang katotohanan, at nabubuhay ka pa rin sa loob ng iyong malademonyong disposisyon, kapag nakatagpo ka ng masasamang tao at mga demonyong nagdudulot ng mga pagkaantala o paggambala sa gawain ng tahanan ng Diyos, magbubulag-bulagan at magbibingi-bingihan ka; isasantabi mo sila, nang walang paninisi mula sa iyong budhi. Iisipin mo pa nga na ang sinumang nagdudulot ng mga kaguluhan sa gawain ng tahanan ng Diyos ay walang kinalaman sa iyo. Gaano man kalaki ang nawala sa gawain ng Diyos at sa mga interes ng Kanyang sambahayan, wala kang madaramang

paninisi mula sa iyong konsiyensya, na nangangahulugan na magiging isa kang tao na nabubuhay ayon sa kanilang malademonyong disposisyon. Kinokontrol ka ni Satanas at hinihikayat kang mamuhay nang hindi bilang tao ni demonyo. Kinakain mo ang sa Diyos, iniinom mo ang sa Diyos, at tinatamasa mo ang lahat ng nagmumula sa Kanya, subalit, kapag dumaranas ng anumang kawalan ang gawain ng sambahayan ng Diyos, iniisip mo na walang kinalaman iyon sa iyo, at, kapag nakita mong nangyayari ito, nagagawa mo pang "ibaluktot ang siko mo palabas,"[a] at hindi ka pumapanig sa Diyos, ni hindi mo pinaninindigan ang gawain ng Diyos o mga interes ng sambahayan ng Diyos. Nangangahulugan ito na may kapangyarihan si Satanas sa iyo, hindi ba? Namumuhay ba ang gayong mga tao bilang mga tao? Malinaw na sila ay mga demonyo, hindi mga tao! Gayunman, kapag ang katotohanan ay naghahari sa iyong puso at naging buhay mo na, pagkatapos, kapag nakakita ka ng isang bagay na pasibo, negatibo, o masama na bumabangon, ang reaksiyon sa iyong puso ay ganap na naiiba. Una, nakararamdam ka ng pagsisisi at pagkabalisa, na kaagad susundan ng ganitong pakiramdam: "Hindi maaaring manatili na lamang akong walang ginagawa at magbulag-bulagan. Dapat akong manindigan at magsalita, dapat akong manindigan at tanggapin ang pananagutan." Sa gayon ay maaari kang manindigan at pahintuin ang masasamang gawaing ito, inilalantad ang mga ito, pinagsisikapang ingatan ang mga interes ng tahanan ng Diyos at maiwasang magambala ang gawain ng Diyos. Hindi ka lamang magkakaroon ng ganitong tapang at pagpapasya, at magagawa mong maunawaan nang lubusan ang pangyayari, kundi matutupad mo rin ang pananagutan na dapat mong pasanin para sa gawain ng Diyos at para sa mga kapakinabangan ng Kanyang tahanan, at ang iyong tungkulin ay matutupad. Paano ito matutupad? Matutupad ito sa pamamagitan ng pagbubuhos ng katotohanan ng bisa nito sa iyo at pagiging buhay mo. Sa ganitong paraan, sa sandaling matupad ang iyong tungkulin, hindi mo itatanong kung mapagkakalooban ka ba ng gantimpala ng Diyos, kung nakita ba Niya ang iyong mga ikinilos, o kung tinatanggap ba Niya ang mga ito. Sa halip,

maniniwala ka na lamang na ito ay pananagutang dapat mong tinanggap. Sa gayon, hindi ka ba nagsasabuhay ng konsiyensya, katwiran, pagkatao, integridad, at dignidad? Ang iyong mga gawa at pag-uugali ang magiging "pagkatakot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan" na sinasabi Niya. Isinasagawa mo ang diwa ng mga salitang ito at isinasabuhay ang kanilang realidad. Kapag naging buhay ng tao ang katotohanan, nagagawa nilang isabuhay ang realidad na ito. Ngunit kung hindi ka pa nakapapasok sa realidad na ito, sa gayon, kapag nagpapamalas ka ng panlilinlang, pandaraya, o pagbabalatkayo, o kapag nakakakita ka ng masasamang taong kumikilos o masasamang puwersa na nanggugulo at gumagambala sa gawain ng Diyos, wala kang nararamdamang anuman at walang nahihiwatigan. Kahit pa nangyayari nang harapan ang mga bagay na ito, nagagawa mo pa ring humalakhak, at nakakakain at nakatutulog ka pa rin nang may maalwang konsiyensiya, at hindi ka nakararamdam ng bahagya mang paninisi sa sarili. Sa dalawang buhay na itong maaari ninyong isabuhay, alin ang pinipili ninyo? Aling buhay ang may tunay na pagkakahawig sa tao, kung saan isinasabuhay mo ang realidad ng mga positibong bagay, at aling buhay ang masama, mala-demonyo? Maliwanag ang sagot. Kapag ang katotohanan ay hindi naging realidad o mga buhay ng tao, ang kanilang isinasabuhay ay nagiging lubos na kaawa-awa at malungkot, at hindi sila ang may hawak ng sarili nilang buhay. Sapagkat ang katotohanan ay hindi naging buhay sa loob nila, hindi nila masupil ang kanilang ginagawa, at bagama't maaari silang makaramdam ng kaunting lungkot tungkol dito, mabilis na lumilipas ang pakiramdam at hindi sila nakararamdam ng anumang pagsisisi. Ganyan kalaki ang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang uri ng buhay na ito.

Hinango mula sa "Yaon Lamang Mga Nagsasagawa ng Katotohanan ang May Takot sa Diyos" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Talababa:

a. Ang "ibaluktot ang siko mo palabas" ay isang kawikaang Tsino, na ang ibig sabihin ay isang taong tumutulong sa iba kahit mapahamak ang

mga taong malapit sa kanya, halimbawa'y mga magulang, anak, kamag-anak, o kapatid.

78. Ang Mga Prinsipyo sa Paggawa nang Maayos sa Tungkulin ng Isang Tao

(1) Sa lahat ng bagay, kinakailangang hanapin ang katotohanan, maunawaan ito, at kumilos nang naaayon sa mga prinsipyo. Sa pamamagitan lang noon papasok ang tao sa katotohanang realidad at magagawa nang maayos ang kanilang tungkulin;

(2) Kinakailangang maunawaan kung ano ang ipinag-uutos at hinihingi ng Diyos. Makita nang malinaw na Siya ang nagtatalaga sa iyo sa iyong tungkulin, at na itinalaga ng Langit at kinilala ng lupa na ganapin mo iyon nang mabuti.

(3) Kinakailangang tanggapin ang paghatol at pagkastigo ng Diyos, at, sa pamamagitan ng pagninilay sa iyong sarili, malaman ang iyong kalikasang diwa, upang malinis ang iyon katiwalian. Sa gayon lang maisasagawa ng isang tao ang katotohanan at magagawa nang maayos ang kanilang tungkulin;

(4) Kinakailangang sanayin ang sarili upang maging isang matapat na tao. Itama ang lahat ng pandaraya at panlilinlang, lahat ng kaguluhan at kapabayaan ng iyong tiwalang disposisyon, at kumilos nang naaayon sa mga prinsipyo habang ginaganap mo ang iyong tungkulin.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Sa pariralang "ang sapat na pagtupad ng tungkulin," ang diin ay nasa salitang "sapat." Kaya, paano dapat bigyang-kahulugan ang "sapat?" Dito, gayundin, ay may katotohanang dapat hanapin. Sapat na ba ang makagawa lang ng kapasa-pasang trabaho? Para sa partikular na mga detalye kung paano unawain at ituring ang salitang "sapat," dapat mong maunawaan ang maraming katotohanan at higit pang magbahagi sa katotohanan. Sa pagtupad ng iyong tungkulin, dapat mong maunawaan ang katotohanan at ang mga prinsipyo nito; saka mo lang mararating ang

sapat na pagtupad ng tungkulin. Bakit dapat tuparin ng mga tao ang kanilang mga tungkulin? Sa sandaling nanampalataya sila sa Diyos at tinanggap na ang Kanyang tagubilin, ang mga tao ay may kani-kanilang pananagutan at obligasyon sa gawain ng tahanan ng Diyos at sa lugar ng gawain ng Diyos, at, kaya naman, dahil sa pananagutan at obligasyong ito, naging bahagi na sila sa gawain ng Diyos—isang bahagi ng mga layon ng Kanyang gawain at isang bahagi ng mga layon ng Kanyang pagliligtas. Sa gayon, may talagang malaking ugnayan sa pagitan ng pagliligtas sa mga tao at kung paano nila tinutupad ang kanilang mga tungkulin, kung mahusay ba nilang nagagawa ang mga ito, at kung nagagawa ba nila nang sapat ang mga ito. Yamang naging bahagi ka na ng tahanan ng Diyos at tinanggap ang Kanyang tagubilin, mayroon ka na ngayong tungkulin. Hindi ikaw ang magsasabi kung paano mo dapat tuparin ang tungkuling ito; ang Diyos ang magsasabi, at ito ay itinatakda ng mga pamantayan ng katotohanan. Samakatuwid, dapat maunawaan ng mga tao at maging malinaw sa kanila kung paano sinusukat ng Diyos ang mga bagay—kapaki-pakinabang na hangarin ang bagay na ito. Sa gawain ng Diyos, tumatanggap ng magkakaibang tungkulin ang magkakaibang tao. Ibig sabihin, tumatanggap ang mga tao ng mga tungkulin na naiiba batay sa kanilang mga kaloob, kakayahan, edad, kalagayan, at kapanahunan. Anumang tungkulin ang ibinigay sa iyo, at sa anumang kapanahunan o pangyayari mo tinanggap ito, ang tungkulin ay tungkulin lang; hindi ito isang bagay na pinamamahalaan ng isang tao. Sa huli, ang hinihinging pamantayan ng Diyos sa iyo ay ang tuparin mo nang sapat ang iyong tungkulin. Paano dapat ipaliwanag ang salitang “sapat?” Ang ibig sabihin nito ay dapat mong matugunan ang mga hinihingi ng Diyos at mapalugod Siya, at ang iyong gawain ay dapat matawag ng Diyos na sapat at mabigyan ng pagsang-ayon Niya; saka mo lang matutupad nang sapat ang iyong tungkulin. Kapag sinabi ng Diyos na hindi sapat ang iyong gawain, ibig sabihin ay hindi mo natupad nang mabuti ang iyong tungkulin. Bagaman ginagawa mo ang iyong tungkulin at kinikilala Niya na nagawa mo ito, kung hindi mo ito ginagawa nang sapat, ano kaya ang magiging

mga kahihinatnan? Sa malulubhang kaso, maaaring maglaho o mawasak ang mga pag-asa ng kaligtasan ng mga tao; sa hindi gaanong malulubhang kaso, maaaring pagkaitan sila ng kanilang karapatang tuparin ang kanilang mga tungkulin. Matapos mapagkaitan ng gayong mga karapatan, isinasantabi ang ilang tao, pagkatapos ay magkakahiwalay silang inaasikaso at isinasaayos. Ibig bang sabihin ng magkakahiwalay na inaasikaso at isinasaayos ay inalis na sila? Hindi naman; hihintayin at titingnan ng Diyos kung paano kumilos ang mga taong ito. Kaya, napakahalaga kung paano tinutupad ng isang tao ang kanyang tungkulin. Dapat itong ituring ng mga tao nang may ingat at seryosohin ito, at ituring ito bilang isang napakahalagang bagay sa kanilang pagpasok sa buhay at sa kanilang pagtatamo ng kaligtasan; hindi nila ito dapat ituring nang basta-basta.

Hinango mula sa “Ano ang Sapat na Pagtupad ng Tungkulin?” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Dapat maunawaan ng lahat ng nananalig sa Diyos ang Kanyang kalooban. Yaon lamang mga tumutupad nang wasto sa kanilang mga tungkulin ang nakapagpapalugod sa Diyos, at sa pagkumpleto lamang ng mga gawaing ipinagkakatiwala Niya sa kanila magiging katanggap-tanggap ang pagganap nila sa kanilang mga tungkulin. May mga pamantayan para sa pagsasakatuparan ng tagubilin ng Diyos. Sinabi ng Panginoong Jesus: “At iibigin mo ang Panginoon mong Diyos ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pag-iisip mo, at ng buong lakas mo.” Ang pag-ibig sa Diyos ay isang aspeto ng kung ano ang hinihiling ng Diyos sa mga tao. Sa katunayan, kapag binibigyan ng Diyos ang mga tao ng isang tagubilin, kapag ginaganap nila ang kanilang tungkulin mula sa kanilang pananampalataya, ang pamantayang hinihiling Niya sa kanila ay ang mga ito: ng buong puso mo, ng buong kaluluwa mo, ng buong pag-iisip mo, at ng buong lakas mo. Kung naroroon ka ngunit ang puso mo ay hindi, kung iniisip mo ang tungkol sa mga atas sa iyong ulo at isinasaulo ang mga ito, ngunit hindi mo inilalagay ang iyong puso sa mga ito, at kung

isinasakatuparan mo ang mga bagay gamit ang sarili mong mga abilidad, iyan ba'y pagkumpleto ng tagubilin ng Diyos? Kaya anong klase ng pamantayan ang dapat makamtan upang magampanan nang maayos ang iyong tungkulin at maisakatuparan ang naipagkatiwala na sa iyo ng Diyos, at magampanan mo ang iyong tungkulin nang tapat? Iyan ang paggawa ng tungkulin mo ng buong puso mo, ng buong kaluluwa mo, ng buong pag-iisip mo, at ng buong lakas mo. Kung wala kang pusong nagmamahal sa Diyos, hindi uubra ang pagtatangka mong tuparin ang iyong tungkulin nang wasto. Kung tumitindi at lalo pang nagiging mas tunay ang pagmamahal mo sa Diyos, likas mong magagampanan ang iyong tungkulin nang buong puso mo, buong kaluluwa mo, buong isipan mo, at buong lakas mo.

Hinango mula sa "Kung Ano Talaga ang Inaasahan ng Mga Tao Para Mabuhay" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Anumang tungkulin ang iyong tinutupad, dapat mong palaging hangaring arukin ang kalooban ng Diyos at unawain kung ano ang Kanyang mga ipinagagawa sa iyong tungkulin; saka mo lamang maisasagawa ang mga bagay-bagay sa isang maprinsipyong paraan. Sa pagganap sa iyong tungkulin, hindi ka talaga maaaring sumunod sa iyong personal na mga kagustuhan, sa paggawa lamang ng anumang gusto mong gawin, anumang magpapasaya sa iyo at komportable kang gawin, o anumang makakaganda sa iyo. Kapag puwersahan mong iginiit ang iyong mga kagustuhan sa Diyos o isinasagawa ang iyong mga kagustuhan na parang ang mga ito ang katotohanan, sinusunod ang mga ito na parang mga katotohanang prinsipyo, kung gayon hindi iyan pagtupad sa iyong tungkulin at ang pagganap sa iyong tungkulin sa ganitong paraan ay hindi maaalala ng Diyos. Hindi nauunawaan ng ibang tao ang katotohanan, at hindi nila alam kung ano ang ibig sabihin ng tuparin nang maayos ang kanilang mga tungkulin. Sa tingin nila dahil ibinigay na nila ang kanilang buong puso at buong pagsisikap para rito, tinalikdan ang kanilang laman at nagdusa, dapat ay abot na sa pamantayan ang pagtupad nila ng kanilang mga tungkulin—ngunit bakit, kung gayon, palaging hindi nasisiyahan ang

Diyos? Saan nagkamali ang mga taong ito? Ang pagkakamali nila ay na hindi nila hinahanap ang mga hinihingi ng Diyos, at sa halip ay kumikilos sila ayon sa mga sarili nilang ideya; itinuring nilang katotohanan ang mga sarili nilang hangarin, kagustuhan, at mga makasariling motibo, at itinuring nila ang mga ito na para bang ang mga ito ang gustung-gusto ng Diyos, na para bang ang mga ito ang Kanyang mga pamantayan at hinihingi. Itinuring nilang katotohanan ang pinaniwalaan nilang tama, mabuti, at maganda; mali ito. Ang totoo, kahit maaaring iniisip minsan ng mga tao na tama ang isang bagay at na umaayon ito sa katotohanan, hindi ito agad nangangahulugan na umaayon ito sa kalooban ng Diyos. Habang mas iniisip ng mga tao na tama ang isang bagay, lalo dapat silang maging maingat at lalo nilang dapat hanapin ang katotohanan upang makita kung natutugunan ng iniisip nila ang mga hinihingi ng Diyos. Kung sumasalungat ito sa Kanyang mga hinihingi at sa Kanyang mga salita, mali ka na isiping tama ito, isa lamang itong kaisipan ng tao, at maaaring hindi umaayon sa katotohanan gaano mo man naiisip na tama ito. Ang pagtukoy mo ng tama at mali ay kailangang nakabatay sa mga salita ng Diyos lamang, at gaano mo man naiisip na tama ang isang bagay, kung hindi ito nakabatay sa mga salita ng Diyos, kailangan mo itong iwaksi. Ano ang tungkulin? Ito ay isang tagubiling ipinagkatiwala ng Diyos sa mga tao. Kaya paano mo dapat tuparin ang iyong tungkulin? Sa pagkilos alinsunod sa mga hinihiling at pamantayan ng Diyos, at sa pagbatay ng iyong pag-uugali sa mga katotohanang prinsipyo sa halip na sa mga pansariling hangarin ng tao. Sa ganitong paraan, aayon sa pamantayan ang pagtupad mo sa iyong mga tungkulin.

Hinango mula sa “Tanging sa Paghahanap ng Mga Prinsipyo ng Katotohanan Nagagampanan nang Maigi ng Isa ang Kanyang Tungkulin” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Para sa ilang tao, anuman ang isyung maaari nilang kaharapin sa pagganap sa kanilang tungkulin, hindi nila hinahanap ang katotohanan, at palagi silang kumikilos ayon sa kanilang sariling mga saloobin, kuro-kuro, imahinasyon, at hangarin. Palagi nilang binibigyang-kasiyahan ang sarili

nilang mga makasariling hangarin, at palaging kontrolado ng kanilang mga tiwaling disposisyon ang kanilang mga kilos. Bagama't maaari nilang tapusin ang mga tungkuling nakatalaga sa kanila, wala silang nakakamit na anumang katotohanan. Kaya, saan umaasa ang mga taong ito kapag ginagampanan nila ang kanilang mga tungkulin? Hindi sila umaasa sa katotohanan ni sa Diyos. Ang kapirasong katotohanang iyon na nauunawaan nila ay hindi pa nangingibabaw sa kanilang puso; umaasa sila sa sarili nilang mga kaloob at kakayahan, sa anumang kaalamang natamo nila, at sa kanilang mga talento, gayundin sa kanilang sariling pagpupursigi o mabubuting layon, para makumpleto ang mga tungkuling ito. Maayos ba itong pagganap ng kanilang tungkulin? Kasiya-siya ba itong pagganap ng kanilang tungkulin? Bagama't kung minsan ay maaari kang umasa sa iyong pagiging natural, imahinasyon, mga kuro-kuro, kaalaman, at natutuhan sa pagtupad sa iyong tungkulin, walang lumilitaw na mga isyu tungkol sa prinsipyo sa ilan sa mga bagay na ginagawa mo. Sa unang tingin, mukhang hindi ka pa tumatahak sa maling landas, ngunit may isang bagay na hindi maaaring palampasin: Sa proseso ng pagganap sa iyong tungkulin, kung hindi nagbabago ang iyong mga kuro-kuro, imahinasyon, at personal na hangarin kailanman at hindi napapalitan ng katotohanan kailanman, at kung ang iyong mga kilos at gawa ay hindi isinasakatuparan alinsunod sa katotohanang prinsipyo, ano ang huling kalalabasan nito? Magiging tagasilbi ka. Ito mismo ang nakasulat sa Biblia: "Marami ang mangagsasabi sa Akin sa araw na yaon, Panginoon, Panginoon, hindi baga nagsipanghula kami sa Iyong pangalan, at sa pangalan Mo'y nangagpalayas kami ng mga demonyo, at sa pangalan Mo'y nagsigawa kami ng maraming gawang makapangyarihan? At kung magkagayo'y ipahahayag Ko sa kanila, Kailanma'y hindi Ko kayo nangakilala: magsilayo kayo sa Akin, kayong manggagawa ng katampalasanan" (Mateo 7:22–23). Bakit tinatawag ng Diyos ang mga taong ito na nagsusumikap at naglilingkod na, "kayong manggagawa ng katampalasanan"? May isang punto tayong matitiyak, at iyon ay na anumang mga tungkulin o gawain ang ginagawa ng mga taong ito, ang kanilang mga motibo, pampasigla, layon,

at saloobin ay nagmumulang lahat sa kanilang makasariling mga hangarin, na lubos na nakabatay sa sarili nilang mga ideya at personal na interes, at ang kanilang mga konsiderasyon at plano ay ganap na nakabatay sa kanilang reputasyon, katayuan, kapalaluan, at mga inaasam sa hinaharap. Sa kanilang kaibuturan, wala silang taglay na katotohanan, ni hindi sila kumikilos alinsunod sa katotohanang prinsipyo. Sa gayon, ano ang mahalagang hanapin ninyo ngayon? (Dapat nating hanapin ang katotohanan, at gampanan ang ating mga tungkulin alinsunod sa kalooban at mga hinihiling ng Diyos.) Ano ang partikular na dapat mong gawin kapag ginagampanan mo ang iyong mga tungkulin alinsunod sa mga hinihiling ng Diyos? Pagdating sa iyong mga layon at ideya kapag gumagawa ng isang bagay, kailangan mong matutuhan kung paano mahiwatigan kung umaayon ang mga ito sa katotohanan o hindi, gayundin kung ang iyong mga layon at ideya ay nakatuon sa pagtupad mo sa iyong makasariling mga hangarin o sa mga interes ng tahanan ng Diyos. Kung umaayon ang iyong mga layon at ideya sa katotohanan, magagawa mo ang iyong tungkulin ayon sa iyong iniisip; gayunman, kung hindi umaayon ang mga ito sa katotohanan, kailangan mong pumihit kaagad at iwanan ang landas na iyon. Hindi tama ang landas na iyon, at hindi ka maaaring magsagawa sa gayong paraan; kung patuloy mong tatahakin ang landas na iyon, makakagawa ka ng kasamaan.

Hinango mula sa “Paano Maranasan ang mga Salita ng Diyos sa mga Tungkulin ng Isang Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang pagdaan lamang sa mga pagkilos kapag ginagampanan mo ang iyong tungkulin ay isang pangunahing pagbabawal. Kung patuloy kang kumikilos ayon sa mga linyang ito, hindi mo magagampanan nang sapat ang iyong tungkulin. Dapat ibigay mo dito ang iyong puso! Ang pagkakataong ito ay napakahirap dumating sa mga tao! Kapag binibigyan sila ng Diyos ng pagkakataon, ngunit hindi nila ito inuunawa, nawawala ang pagkakataong iyon kung gayon—at kahit na, sa paglaon, hahangarin nilang makahanap ng gayong pagkakataon, baka hindi na ito muling magpakita.

Ang gawain ng Diyos ay walang sinumang hinihintay, at hindi rin naghihintay ang mga pagkakataon na may gumawa sa tungkulin. Sinasabi ng ilang tao, "Hindi ko ginampanan nang maayos ang tungkulin ko dati, ngunit ngayon ay nais ko pa rin itong gampanan, kaya sa pagkakataong ito ay desidido na ako; Medyo magiging mas maingat ako at mas magtatrabaho, at magiging mahusay sa pagtapos nito." Gayunpaman, kung minsan, ang pagkakataong ito ay wala na. Hindi palaging dumarating ang mga pagkakataon, kaya dapat panghawakan kapag dumarating ang mga ito. Kapag nahaharap ka sa isang tungkuling nangangailangan ng iyong pagsisikap at paggastos, at kinakailangan mong ilaan ang iyong katawan, isipan, at panahon, hindi ka dapat magkait ng anuman, magkimkim ng anumang katusuhan, o magpalusot. Kung ikaw ay nagpapalusot, tuso, o madaya at traydor, malamang na hindi maging maganda ang trabaho mo. Maaari mong sabihing, “Walang nakakita na nandaya ako. Ang galing!” Anong klaseng pag-iisip ito? Akala mo nalinlang ang mga tao sa mga kasinungalingan mo, at pati na ang Diyos. Ngunit sa totoo lang, alam ba ng Diyos kung ano ang nagawa mo o hindi? (Alam Niya.) Karaniwan, malalaman din ito ng mga taong nakakaugnayan mo sa loob ng mahabang panahon at sasabihin nila na isa kang taong palaging madaya, hindi masipag, at singkuwenta o sisenta porsiyento lamang ang ibinubuhos na pagsisikap, o otsenta ang pinakamalaki. Sasabihin nila na ginagawa mo ang lahat sa lubhang nakalilitong paraan, na ipinipikit ang iyong mga mata sa anumang ginagawa mo; ni hindi ka man lang seryoso sa iyong gawain. Kung may ipinagagawa sa iyo, saka ka lamang nagbibigay ng kaunting pagsisikap; kung may tumitingin kung ginagawa mo ang inaasahan sa iyo, medyo ginagandahan mo ang trabaho mo—ngunit kung walang nakatingin, medyo nagiging tamad ka na. Kung pinakikitunguhan ka, nagsusumikap kang gawin ito; kung hindi naman, palagi kang natutulog sa trabaho at sinusubukan mong makalusot kung kaya mo, na ipinapalagay na walang makakapansin. Lumilipas ang panahon, at napapansin ito ng mga tao. Sinasabi nila, “Hindi maaasahan at hindi mapagkakatiwalaan ang taong ito; kung bibigyan mo siya ng

mahalagang tungkuling gagampanan, kakailanganin siyang pamahalaan. Magagawa niya ang mga karaniwang gawain at trabaho na hindi kinasasangkutan ng mga prinsipyo, ngunit kung bibigyan mo siya ng anumang mahalagang tungkuling gagampanan, malamang na guluhin lang niya iyon, at pagkatapos ay nalinlang ka na." Makikita ng mga tao ang tunay na ugali niya, at lahat ng kanyang dignidad at integridad ay ganap na mawawala. Kung walang maaaring magtiwala sa kanya, paano pa ang Diyos? Ipagkakatiwala ba sa kanya ng Diyos ang anumang mahahalagang gawain? Ang gayong tao ay hindi mapagkakatiwalaan.

Hinango mula sa "Ang Pagpasok sa Buhay ay Dapat Magsimula sa Karanasan ng Pagganap sa Tungkulin ng Isa" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang ilang tao ay iresponsable sa paraan ng pagtupad nila ng kanilang tungkulin. Ito ay nagreresulta sa mababang-uri na gawa na laging dapat ulitin, na may matinding epekto sa pasulong na progreso. May mga dahilan ba para rito maliban sa kakulangan sa karanasan at propesyonalismo? Ang propesyonalismo at karanasan ay unti-unting natututunan at naiipon, subalit kung ang mga tao ay may mga isyung sangkot sa kanilang disposisyon, paano dapat lutasin ang problemang ito? Kinakailangan nito na ang mga tao ay pungusin at iwasto; kinakailangan nito na subaybayan ng mga tao ang isa't-isa at na hanapin nila ang katotohanan. Ang pinakamalaking problema na humahantong sa gawain na kailangang laging ulitin sa paggawa ng tungkulin ay hindi ang di-sapat na propesyonalismo, at hindi ito kakulangan ng karanasan; dahil ito sa pagiging mapagmagaling at sobrang yabang ng mga tao, at hindi sila nakikipagtulungan nang nagkakaisa at sa halip ay kumikilos nang mag-isa at basta na lang, na nagreresulta na kapag natapos nila ang isang bagay, ang kanilang gawa ay hindi makakatayo sa sarili nitong merito, kung kaya naging walang kabuluhan ang pagsisikap. Ano ang pinakaseryosong problema sa likod nito? (Ang tiwaling disposisyon ng tao.) Dala ng tiwaling disposisyon ang malalaking balakid. At aling mga aspeto ng tiwaling disposisyon ang nakakaapekto sa bunga ng pagganap ng tungkulin ng mga tao?

(Pagmamataas at pagmamagaling.) Paano ipinapakita ang pagmamataas at pagmamagaling sa pag-uugali? Paggawa ng desisyon nang mag-isa, hindi pakikinig sa iba, hindi pagkonsulta sa iba, hindi pakikipagtulungan nang nagkakaisa, at laging gusto na may huling desisyon sa mga bagay-bagay. Kahit na may ilang mga kapatid na nagtutulungan sa paggawa ng isang partikular na tungkulin, ginagawa ng bawat isa ang kanilang sariling gawain, ang pinuno ng grupo o ang taong namumuno ay laging gustong may huling desisyon; anuman ang kanilang ginagawa, hindi sila nagkakaisang nakikipagtulungan sa iba at hindi sila nakikibahagi at marahas na sinisimulan ang mga bagay nang hindi muna nakikipagsundo sa iba. Gusto nilang makinig ang lahat sa kanila, at narito ang problema. Higit pa, kapag nakita ng iba ang problema, ngunit hindi lumabas para pigilin ang taong namumuno, sa katapusan ay nagdudulot ito ng sitwasyon kung saan kailangan ulitin ng lahat ang kanilang gawa at pinapagod ang kanilang sarili sa proseso. Kaya, may responsibilidad din ba ang ibang tao? (Oo.) Sa isang banda, ang taong namumuno ay kumikilos nang mag-isa at basta na lang, pinipilit na gawin ang mga bagay sa kanilang paraan, at walang ginagawa ang iba upang pigilin sila, at mas seryoso pa, sumusunod pa sila; hindi ba sila nagiging mga kasabwat? Kapag hindi mo pinigilan, hinarangan, o nilantad ang taong ito, sa halip ay sumunod sa kanila at pinayagan silang manipulahin ka, hindi mo ba binibigyan ng kalayaan ang gawang panliligalig ni Satanas? Tiyak na problema mo ito. Sa kabilang banda, kapag nakita mo ang problema subalit hindi ito inulat, sa halip ay sumang-ayon na lamang, hindi ba ito pagpapahayag ng kawalan ng katapatan? Oo, tiyak na ito nga iyon—isang pagpapahayag ng kawalan ng katapatan sa Diyos. Ang lubhang nagpapaseryoso sa problemang ito ay na ikaw ay laging kumikilos bilang kasabwat ni Satanas, nagseserbisyo ka bilang tauhan at tagasunod, at wala ka ni katiting na katapatan sa iyong tungkulin at responsibilidad, gayon pa man ay tapat naman kay Satanas. Pagdating sa propesyonal na kakulangan, possible na patuloy na matuto at pagsamahin ang iyong mga karanasan habang gumagawa. Ang ganitong problema ay madaling lutasin, Ang pinakamahirap na lutasin ay ang

tiwaling disposisyon ng tao. Kapag hindi ito nalutas; kapag hindi niyo hinangad ang katotohanan, at sa halip ay laging umaatras at nagiging taga-sunod; at kung hindi niyo inaako ang responsibilidad; at kung may taong gumawa ng mali ay hindi niyo ito nililinaw o inilalantad at hindi niyo sila hinaharap; at kung ipapalagay niyo na ang gawain ng bahay ng Diyos bilang isang biro, isang laro; at kung hindi niyo tutuparin ang inyong tungkulin at responsibilidad, kung gayon ay laging maantala nang paulit-ulit ang progreso ng gawain. Ang ganitong paggawa ng tungkulin ay hindi matapat.

Hinango mula sa “Ang Tamang Pagtupad ng Tungkulin ay Nangangailangan ng Nagkakaisang Pakikipagtulungan” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Takot palagi ang ilang tao na maging mas sikat sa kanila ang iba at mahigitan sila, na nagtatamo ng pagkilala habang sila naman ay kinaliligtaan. Dahil dito, inaatake at ibinubukod nila ang iba. Hindi ba ito isang kaso ng pagkainggit sa mga taong mas may kakayahan kaysa sa kanila? Hindi ba makasarili at nakasusuklam ang ganitong pag-uugali? Anong klaseng disposisyon ito? Masama ito! Sarili lang ang iniisip, sariling mga hangarin lamang ang binibigyang-kasiyahan, walang konsiderasyon sa mga tungkulin ng iba, at iniisip lamang ang sariling mga interes at hindi ang mga interes ng bahay ng Diyos—ang ganitong klaseng mga tao ay may masamang disposisyon, at hindi sila mahal ng Diyos. Kung talagang kaya mong bigyan ng konsiderasyon ang kalooban ng Diyos, magagawa mong tratuhin nang patas ang ibang mga tao. Kung binibigyan mo ng rekomendasyon ang isang tao, at nagkaroon ng talento ang taong iyon, at sa gayo’y nagdadala ka ng isa pang taong may talento sa bahay ng Diyos, hindi ba nagawa mo nang maayos ang iyong gawain? Hindi ba naging tapat ka sa pagganap sa iyong tungkulin? Magandang gawa ito sa harap ng Diyos, at ganitong klaseng konsiyensya at katwiran ang dapat taglayin ng mga tao. Yaong mga may kakayahang magsagawa ng katotohanan ay makakayang tanggapin ang pagsisiyasat ng Diyos sa paggawa ng mga bagay. Kapag tinatanggap mo ang pagsisiyasat ng Diyos, naitutuwid ang

puso mo. Kung gumagawa ka lamang ng mga bagay para makita ng iba at hindi tinatanggap ang pagsisiyasat ng Diyos, kung gayon, nasa puso mo pa ba ang Diyos? Ang mga taong tulad nito ay walang paggalang sa Diyos. Huwag kang laging gumawa ng mga bagay para sa sarili mong kapakanan at huwag mong palagiang isaalang-alang ang iyong mga sariling interes; huwag isipin ang iyong sariling katayuan, katanyagan, o reputasyon. Huwag mo ring isaalang-alang ang mga interes ng tao. Kailangan mo munang isipin ang mga interes ng tahanan ng Diyos, at unahin ang mga iyon. Dapat mong isaalang-alang ang kalooban ng Diyos at magsimula sa pamamagitan ng pagmumuni-muni kung ikaw ay naging dalisay o hindi sa pagtupad mo sa iyong tungkulin, kung nagawa mo ang lahat ng iyong makakaya upang maging matapat, nagawa ang lahat ng iyong makakaya upang matupad ang iyong mga pananagutan, at naibigay ang lahat mo, gayundin kung buong-puso mo nang naisaisip o hindi ang iyong tungkulin at ang gawain ng tahanan ng Diyos. Kailangan mong isaalang-alang ang mga bagay na ito. Isipin mong madalas ang mga ito, at magiging higit na madali sa iyong gampanan nang maayos ang iyong tungkulin. Kung mahina ang iyong kakayahan, mababaw ang iyong karanasan, o hindi ka bihasa sa iyong mga propesyunal na gawain, kung gayon ay maaaring may ilang pagkakamali o kakulangan sa iyong gawain, at maaaring hindi maging napakaganda ng mga resulta–nguni't naibuhos mo na ang iyong buong pagsisikap. Kapag hindi mo iniisip ang iyong mga makasariling paghahangad o isinasaalang-alang ang iyong mga pansariling interes sa mga bagay na ginagawa mo, at sa halip ay nagbibigay ng palagiang pagsasaalang-alang sa gawain ng tahanan ng Diyos, taglay sa isip ang mga kapakanan nito, at ginagampanan nang mahusay ang iyong tungkulin, makakaipon ka, kung gayon, ng mabubuting gawa sa harap ng Diyos. Ang mga taong gumaganap sa mabubuting gawang ito ay yaong mga may angking katotohanang realidad; sa gayon, mayroon silang patotoo.

Hinango mula sa "Ipagkaloob ang Iyong Tunay na Puso sa Diyos, at Makakamit Mo ang Katotohanan" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kapag tinutupad ang iyong tungkulin, dapat mong suriin palagi ang iyong sarili upang makita kung ginagawa mo ang mga bagay-bagay ayon sa prinsipyo, kung ang pagganap mo sa iyong tungkulin ay abot sa pamantayan, kung ginagawa mo lamang ang mga iyon nang paimbabaw o hindi, kung nasubukan mo nang iwasan ang iyong mga responsibilidad, at kung may anumang mga problema sa iyong pag-uugali at sa paraan ng iyong pag-iisip. Sa sandaling nakapagmuni-muni ka na at naging malinaw sa iyo ang mga bagay na ito, magiging mas madali ang pagtupad mo sa iyong tungkulin. Anuman ang maranasan mo habang ginagawa mo ang iyong tungkulin—pagiging negatibo at mahina, o pagkakaroon ng masamang pakiramdam matapos kang mapakitunguhan—dapat mo itong tratuhin nang maayos, at kailangan mo ring hanapin ang katotohanan at unawain ang kalooban ng Diyos. Sa paggawa ng mga bagay na ito, magkakaroon ka ng isang landas sa pagsasagawa. Kung nais mong maging maganda ang iyong trabaho sa pagtupad sa iyong tungkulin, kailangan ay huwag kang paapekto sa iyong pakiramdam. Gaano man ka-negatibo o kahina ang iyong nararamdaman, dapat mong isagawa ang katotohanan sa lahat ng iyong ginagawa, nang may ganap na kahigpitan, at pagsunod sa mga prinsipyo. Kung gagawin mo ito, hindi ka lamang sasang-ayunan ng ibang tao, kundi magugustuhan ka rin ng Diyos. Sa gayon, ikaw ay magiging isang taong responsable at bumabalikat ng pasanin; magiging isa kang tunay na mabuting tao na talagang tumutupad sa iyong mga tungkulin nang abot sa pamantayan at lubos na isinasabuhay ang wangis ng isang tunay na tao. Ang gayong mga tao ay pinadadalisay at nagkakamit ng tunay na pagbabago kapag tumutupad sa kanilang mga tungkulin, at masasabing matapat sa mga mata ng Diyos. Matatapat na tao lamang ang kayang magtiyaga sa pagsasagawa ng katotohanan at nagtatagumpay sa pagkilos nang may prinsipyo, at maaaring makatupad ng kanilang mga tungkulin na abot sa pamantayan. Ang mga taong kumikilos nang may prinsipyo ay tumutupad na maigi sa kanilang mga tungkulin kapag maganda ang pakiramdam nila; hindi sila nagtatrabaho lamang nang paimbabaw, hindi sila arogante at hindi nagpapasikat nang

may kayabangan para gumanda ang reputasyon nila sa iba. Gayunpaman, kapag masama ang pakiramdam nila, tinatapos nila ang kanilang pang-araw-araw na mga gawain nang gayon din kasigasig at karesponsable, at kahit nagdaranas sila ng isang bagay na nakakasama sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin, o na medyo gumigipit sa kanila o gumagambala sa kanila habang ginagawa nila ang kanilang mga tungkulin, nagagawa pa rin nilang manahimik sa harap ng Diyos at manalangin, na sinasabing, "Gaano man kalaki ang problema ko—kahit bumagsak pa ang kalangitan—basta't tinutulutan ako ng Diyos na patuloy na mabuhay, determinado akong gawin ang lahat para tuparin ko ang aking tungkulin. Bawa't araw na tinutulutan akong mabuhay ay isang araw na magtatrabaho ako nang husto sa pagganap sa aking tungkulin nang sa gayon ako ay karapat-dapat sa tungkuling ito na ipinagkaloob sa akin ng Diyos, gayundin sa hiningang ito na ipinasok niya sa aking katawan. Gaano man ako nahihirapan, isasantabi ko ang lahat ng iyon, sapagka't ang pagtupad sa aking tungkulin ang pinakamahalaga!" Yaong mga hindi apektado ng sinumang tao, anumang kaganapan, bagay, o kapaligiran, na hindi kontrolado ng anumang pakiramdam o sitwasyon sa labas, at inuuna sa lahat ang kanilang mga tungkulin at atas na naipagkatiwala sa kanila ng Diyos—sila ang mga taong matapat sa Diyos at tunay na nagpapasakop sa Kanya. Ang ganitong mga tao ay nakamtan na ang pagpasok sa buhay at nakapasok na sa katotohanang realidad. Ito ay isa sa pinakapraktikal at tunay na mga pagpapahayag ng pagsasabuhay ng katotohanan.

Hinango mula sa "Ang Pagpasok sa Buhay ay Dapat Magsimula sa Karanasan ng Pagganap sa Tungkulin ng Isa" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kapag ginagampanan ng mga tao ang kanilang tungkulin, ginagawa nila sa katunayan ang dapat nilang gawin. Ngunit kung ginagawa mo ito sa harap ng Diyos, kung ginagampanan mo ang iyong tungkulin nang may pag-uugali ng katapatan at may puso, hindi ba't mas magiging tama ang ugaling ito? Kaya paano mo dapat gamitin ang ugaling ito sa iyong pang-araw-araw na buhay? Dapat mong gawing realidad mo ang "pagsamba sa

Diyos nang may puso at katapatan”. Tuwing gusto mong magpakakupad at tapusin lamang ang gawain, tuwing gusto mong maging tamad, at tuwing hinahayaan mong magambala ka at nais mo lamang magsaya, dapat mong pag-isipan iyan: Sa pagkilos nang ganito, hindi ba ako mapagkakatiwalaan? Ganito ba ang pagsisikap kong gawin ang aking tungkulin? Hindi ba ako tapat sa paggawa nito? Sa paggawa nito, bigo ba akong tapatan ang tiwala ng Diyos sa akin? Ganito dapat ang pagmumuni-muni mo sa sarili. Dapat mong isipin, “Hindi ako naging seryoso sa bagay na ito. Noong araw, pakiramdam ko may problema, pero hindi ko itinuring na mabigat iyon; basta binalewala ko lamang iyon. Ngayo’y hindi pa rin nalulutas ang problemang ito. Anong klaseng tao ako?” Natukoy mo na siguro ang problema at nakilala mo nang kaunti ang iyong sarili. Dapat ka bang tumigil kapag may kaunting kaalaman ka na? Tapos ka na ba kapag naikumpisal mo na ang iyong mga kasalanan? Kailangan mong magsisi at magbagumbuhay! At paano ka makakapagbagumbuhay? Noon, mali ang pag-uugali at pag-iisip mo sa pagganap mo ng iyong tungkulin, wala rito ang loob mo, at hindi mo kailanman inasikaso ang mga tamang bagay. Ngayon, dapat mong itakda ang saloobin mo sa wastong pagganap sa iyong tungkulin, dapat kang manalangin sa harap ng Diyos, at kapag nariyan uli ang mga dati mong saloobin at ugali, dapat mong hilingin sa Diyos na disiplinahin ka at ituwid. Bilisan mong tukuyin ang mga larangan kung saan ka naging walang ingat at walang pakialam noon. Isipin mo kung paano mo maitatama ang mga ito, at pagkatapos maitama ang mga ito, muli kang maghanap, at manalangin, at pagkatapos ay tanungin mo ang iyong mga kapatid kung mayroon silang anumang mas mahusay na mga mungkahi at rekomendasyon, hanggang sa sumang-ayon ang lahat na nagawa mo ang tama. Saka ka lamang mapagtitibay. Madarama mong sa oras na ito, nagawa mo na ang iyong tungkulin nang abot sa pamantayan, at nagawa mo na ang iyong pinakamakakaya, at ibinigay rito ang iyong puso, at ibinigay rito ang buo mong makakaya; madarama mong nagawa mo na ang lahat ng iyong magagawa, nang walang pagsisisi. Kapag nagbibigay ng salaysay sa harap ng Diyos, magiging malinis ang

iyong budhi, at sasabihin mong, “Kahit na bigyan lamang ng Diyos ng grado na 60% ang aking tungkulin, ibinigay ko rito ang bawat onsa ng lakas sa aking katawan, ibinigay ko rito ang buong puso ko, hindi ako naging tamad, hindi ko sinubukang kumilos sa tusong paraan, at wala akong pinigil.” Hindi ba ito pagkuha ng mga realidad ng pagbibigay ng iyong buong puso, buong isip, at buong lakas sa iyong tungkulin at paggamit ng mga ito sa iyong pang-araw-araw na buhay? Hindi ba ito pagsasabuhay ng mga realidad ng katotohanan na ito? At anong nararamdaman mo, sa iyong puso, kapag isinasabuhay mo ang mga realidad na ito? Hindi mo ba nararamdaman na para kang nabubuhay nang may kaunting pagkakahawig sa tao, at hindi na tulad ng mga naglalakad na patay?

Hinango mula sa “Nagmumula ang Landas sa Madalas na Pagninilay-Nilay sa Katotohanan” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Upang matamo ang kasapatan sa pagtupad ng tungkulin, mahalaga munang makamit ang nagkakasundong pagtutulungan sa pagtupad nito. May ilang kasalukuyang nagsasagawa sa direksyong ito, na nangangahulugang matapos makapakinig sa katotohanan, sinimulan na nilang gumawa nang naaayon sa prinsipyong ito, bagaman hindi nila magawang magtagumpay sa lubusang pagsasagawa sa katotohanan nang isandaang porsiyento. Sa proseso, maaari silang mabigo o manghina, at lumihis, at madalas na magkamali, subalit ang landas na kanilang tinatahak ay lipos ng pagsisikap na magawang kumilos ayon sa prinsipyong ito. Halimbawa, bagaman maaaring nararamdaman mo kung minsan na tama ang iyong paraan ng pagsasagawa ng isang bagay, kung nasa sitwasyon ka na hindi nito maaantala ang kasalukuyang gawain, maaari mo ring hanapin ang mga kasama sa gawain o kasama sa pangkat upang talakayin ito. Magbahagi hanggang maging malinaw sa bagay na ito, hanggang maabot ang pagkakasundo sa isipan na ang paggawa nito sa isang partikular na paraan ang makapagtatamo ng pinakamainam na mga resulta, hindi lumalampas sa saklaw ng prinsipyo, para sa kapakinabangan ng tahanan ng Diyos, at magagawang pangalagaan nang sukdulan ang

mga kapakanan ng tahanan ng Diyos. Bagaman ang pangwakas na resulta kung minsan ay maaaring hindi gaanong kasiya-siya, ang paraan, ang direksyon, at ang mithiin ng iyong gawain ay tama. Paano, kung gayon, ito titingnan ng Diyos? Paano Niya bibigyang-kahulugan ang bagay na ito? Sasabihin Niya na tinutupad mo nang sapat ang tungkuling ito.

Hinango mula sa “Ano ang Sapat na Pagtupad ng Tungkulin?” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Upang matupad nang sapat ang tungkulin, hindi mahalaga kung ilang taon ka nang naniniwala sa Diyos, kung gaano na ang nagawa mo sa iyong tungkulin, o kung gaano man karaming ambag na ang naibigay mo sa tahanan ng Diyos, lalo nang hindi mahalaga kung gaano na ang karanasan mo sa iyong tungkulin. Ang landas na tinatahak ng isang tao ang pangunahing bagay na tinitingnan ng Diyos. Sa madaling salita, tinitingnan Niya ang saloobin ng isang tao tungo sa katotohanan at sa mga prinsipyo, direksyon, pinagmulan at lakas na nasa likod ng mga pagkilos ng isang tao. Nakatuon sa mga bagay na ito ang Diyos; ang mga ito ang tumutukoy sa landas na iyong tinatahak. Kung, sa proseso ng pagtupad ng iyong tungkulin, hindi talaga makita sa iyo ang mga bagay na ito, at ang sarili mong mga kaisipan ang pinagmumulan ng iyong gawain, ang iyong lakas ay upang pangalagaan ang iyong pansariling mga kapakanan at ipagsanggalang ang iyong reputasyon at katayuan, ang iyong pamamaraan ng paggawa ay ang gumawa ng mga pagpapasya at kumilos nang mag-isa at ang gumawa ng pangwakas na desisyon, na hindi kailanman nakikipagtalakayan sa mga bagay-bagay kasama ng iba o nakikipagtulungan nang nagkakasundo, lalo nang hindi naghahanap ng katotohanan, kung gayon ay paano ka makikita ng Diyos? Hindi ka pa umaabot sa pamantayan kung ganyan mo ginagawa ang iyong tungkulin; hindi ka pa nakatapak sa landas ng paghahangad sa katotohanan, dahil, habang ginagawa mo ang iyong gawain, hindi mo hinahanap ang katotohanang prinsipyo at laging kumikilos batay sa iyong nais. Ito ang dahilan kung bakit hindi kasiya-siyang natutupad ng karamihan sa mga tao

ang kanilang mga tungkulin. Habang tinitingnan ito ngayon, mahirap bang tuparin nang sapat ang tungkulin ng isang tao? Sa katunayan, hindi ito mahirap; dapat lang magkaroon ang mga tao ng paninindigan ng pagpapakumbaba, magtaglay ng kaunting katinuan, at taglayin ang naaangkop na katayuan. Gaano man kataas sa inaakala mo ang iyong pinag-aralan, ano mang mga gantimpala ang napanalunan mo na, o gaano man ang natamo mo na, at gaano man kataas sa paniniwala mo ang iyong kakayahan at ranggo, dapat kang magsimula sa pamamagitan ng pagpapakawala sa mga bagay na ito—walang halaga ang mga ito. Sa tahanan ng Diyos, gaano man kalaki o kabuti ang mga bagay na iyon, hindi magiging higit na mataas kaysa sa katotohanan ang mga ito; hindi ang mga ito ang katotohanan, at hindi ito maaaring halinhan. Ito ang dahilan kung bakit sinasabi Ko na dapat kayong magkaroon nitong bagay na tinatawag na katinuan. Kung sabihin mong, “Likas akong matalino, may isip akong napakatalas, listo ako, mabilis akong matuto, at labis na matalas ang aking memorya,” at lagi mong ginagamit ang mga ito bilang puhunan, sa gayon ay magiging sanhi ito ng gulo. Kung nakikita mo ang mga bagay na ito bilang siyang katotohanan, o bilang higit na mataas kaysa katotohanan, sa gayon ay magiging mahirap para sa iyong tanggapin ang katotohanan at isagawa ito. Pinakamahirap para sa mayayabang at mapagmataas na mga taong laging kumikilos na tila nakahihigit ang tanggapin ang katotohanan at pinakamalimit na mabigo. Kung malulutas ng isang tao ang usapin ng kanyang pagiging-mapagmataas, magiging madali na isagawa ang katotohanan. Kaya, dapat mo munang isuko at itatwa ang mga bagay na yaon na tila ay mabuti at matayog sa panlabas at nakapupukaw sa pagkainggit ng iba. Hindi katotohanan ang mga bagay na iyon; sa halip, mahahadlangan ka ng mga ito sa pagpasok sa katotohanan. Ang pinakamahalagang bagay na dapat gawin ngayon ay hanapin ang katotohanan, magsagawa nang naaayon sa katotohanan, at tuparin nang sapat ang iyong tungkulin, sapagkat ang sapat na pagtupad ng iyong tungkulin ang tanging unang hakbang tungo sa landas ng pagpasok sa buhay, na ang ibig sabihin ay isa itong pasimula. Sa bawat bagay, may

isang pinakasaligan, pangunahing bagay, isang bagay na nagdadala sa iyo sa pinto, at ang pagtupad nang sapat sa iyong tungkulin ay isang landas na magdadala sa iyo sa pinto ng pagpasok sa buhay. Kung sadyang hindi nasasangkot ang “kasapatang” ito sa iyong pagtupad ng tungkulin, dapat kang magsikap. Paano dapat magsumikap? Hindi ibig sabihin na kailangan mong baguhin ang iyong karakter o talikuran ang iyong mga kaloob at propesyonal na mga kalakasan; maaari mong taglayin ang mga kalakasang ito at mga bagay na natutuhan mo na habang tinutupad ang iyong tungkulin, lahat ng ito ay habang hinahanap ang katotohanan at kumikilos nang naaayon sa katotohanang prinsipyo. Kung matamo mo ang pagpasok sa buhay habang tinutupad ang iyong tungkulin, magagawa mong tuparin nang sapat ang iyong tungkulin.

Hinango mula sa “Ano ang Sapat na Pagtupad ng Tungkulin?” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ngayon, kung ano ang kinakailangan sa inyo na kamtin ay hindi mga karagdagang hinihingi, kundi ang tungkulin ng tao, at ang kailangang gawin ng lahat ng tao. Kung kayo ay walang kakayahan na gampanan man lamang ang inyong tungkulin, o magawa ito nang mainam, hindi ba’t pinahihirapan ninyo lamang ang inyong mga sarili? Hindi ba’t sinusuyo ninyo ang kamatayan? Paano pa kayo makakaasa na magkaroon ng hinaharap at mga posibilidad? Ang gawain ng Diyos ay ginagawa para sa kapakanan ng sangkatauhan, at ang pakikipagtulungan ng tao ay ibinibigay para sa kapakanan ng pamamahala ng Diyos. Pagkatapos na nagawa ng Diyos ang lahat ng nararapat Niyang gawin, ang tao ay kinakailangang maging pursigido sa kanyang pagsasagawa, at makipagtulungan sa Diyos. Sa gawain ng Diyos, ang tao ay hindi dapat magkulang sa pagsisikap, nararapat mag-alay ng kanyang katapatan, at hindi dapat magpasasa sa napakaraming kuro-kuro, o maupo nang walang-kibo at maghintay ng kamatayan. Kayang isakripisyo ng Diyos ang Kanyang Sarili para sa tao, kaya bakit hindi maibigay ng tao ang kanyang katapatan sa Diyos? May iisang puso at isip ang Diyos tungo sa tao, kaya bakit hindi makapag-alok

ng kaunting pakikipagtulungan ang tao? Gumagawa ang Diyos para sa sangkatauhan, kaya bakit hindi magampanan ng tao ang ilan sa mga tungkulin niya para sa kapakanan ng pamamahala ng Diyos? Nakarating na ang gawain ng Diyos nang ganito kalayo, gayunman kayo ay nakakakita pa rin ngunit hindi kumikilos, kayo ay nakakarinig ngunit hindi gumagalaw. Hindi ba't ang mga taong ganyan ay ang mga layon ng kapahamakan? Nailaan na ng Diyos ang Kanyang lahat para sa tao, kaya bakit, ngayon, hindi pa rin magampanan ng tao nang masigasig ang kanyang tungkulin? Para sa Diyos, ang Kanyang gawain ay ang Kanyang uunahin, at ang gawain ng Kanyang pamamahala ay ang pinakamahalaga. Para sa tao, ang pagsasagawa ng mga salita ng Diyos at pagtupad sa mga kinakailangan Niya ay kanyang unang prayoridad. Ito ay dapat maunawaan ninyong lahat.

Hinango mula sa "Ang Gawain ng Diyos at ang Pagsasagawa ng Tao" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

79. Ang Mga Prinsipyo sa Pagiging Dedikado sa Diyos

(1) Kinakailangang maranasan ang paghatol at pagkastigo ng mga salita ng Diyos, maunawaan ang katotohanan at makilala ang sarili, at maalis ang tiwaling disposisyon ng tao. Sa gayon lang maaring maging dedikado ang isang tao kay Cristo;

(2) Kinakailangang malaman na 'di mabilang sa dami ang mga kaibig-ibig na aspeto ni Cristo; sa gayon lang mapapahalagahan ng isang tao ang salita ng Diyos ang katotohanan sa kanilang puso at tunay na magagawang ibigin Siya, purihin Siya, at magpatotoo sa Kanya.

(3) Kinakailangang malaman na si Cristo ang katotohanan, ang daan, at ang buhay, at walang kaligtasan kundi sa pamamagitan Niya. Sa gayon lang kusang maigugugol ng tao ang kanilang mga sarili para kay Cristo at magiging tapat sa Kanya;

(4) Kinakailangang magkaroon ng tunay at dalisay na pagmamahal para kay Cristo, at para marating ang puntong makapagpapasakop ka sa Kanya hanggang sa kamatayan. Sa gayon lang magiging tapat ang isang

tao sa Diyos hanggang sa wakas.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Kinakailangan sa paniniwala sa Diyos ang pagsunod sa Kanya at pagdanas ng Kanyang gawain. Napakalaki ng nagawa ng Diyos—masasabi na para sa mga tao lahat ng ito ay pagpeperpekto, pagpipino, at bukod pa rito, pagkastigo. Wala pa ni isang hakbang ng gawain ng Diyos na nakaayon sa mga pagkaintindi ng tao; ang natamasa ng mga tao ay ang mababagsik na salita ng Diyos. Kapag pumarito ang Diyos, dapat matamasa ng mga tao ang Kanyang kamahalan at Kanyang poot. Gayunman, gaano man kabagsik ang Kanyang mga salita, pumarito Siya para iligtas at gawing perpekto ang sangkatauhan. Bilang mga nilalang, dapat tuparin ng mga tao ang mga tungkuling dapat nilang tuparin, at tumayong saksi para sa Diyos sa gitna ng pagpipino. Sa bawat pagsubok dapat nilang panindigan ang pagpapatotoong dapat nilang gawin, at gawin iyon nang lubhang matunog para sa Diyos. Ang isang taong gumagawa nito ay isang mananagumpay. Paano ka man pinuhin ng Diyos, nananatili kang puno ng tiwala at hindi nawawalan ng tiwala sa Kanya. Ginagawa mo ang dapat gawin ng tao. Ito ang hinihiling ng Diyos sa tao, at dapat magawa ng puso ng tao na lubos na bumalik at bumaling sa Kanya sa bawat sandaling lumilipas. Ito ay isang mananagumpay. Yaong mga tinutukoy ng Diyos na mga “mananagumpay” ay yaong mga nagagawa pang tumayong saksi at mapanatili ang kanilang tiwala at katapatan sa Diyos kapag nasa ilalim sila ng impluwensya ni Satanas at nilulusob ni Satanas, ibig sabihin, kapag nasa gitna sila ng mga puwersa ng kadiliman. Kung nagagawa mo pa ring magpanatili ng isang dalisay na puso sa harap ng Diyos at ng tunay na pagmamahal para sa Diyos anuman ang mangyari, ikaw ay tumatayong saksi sa harap ng Diyos, at ito ang tinutukoy ng Diyos na pagiging isang “mananagumpay.” Kung napakaganda ng iyong paghahangad kapag pinagpapala ka ng Diyos, ngunit umuurong ka kapag wala ang Kanyang mga pagpapala, kadalisayan ba ito? Yamang nakatitiyak ka na ang landas na ito ay totoo, kailangan mo itong sundan hanggang sa dulo; kailangan mong panatilihin ang iyong katapatan sa

Diyos. Yamang nakita mo na ang Diyos Mismo ay naparito sa lupa upang gawin kang perpekto, dapat mong ibigay nang lubusan ang iyong puso sa Kanya. Kung masusundan mo pa rin Siya anuman ang Kanyang gawin, magpasya man Siya ng isang hindi kaaya-ayang kahihinatnan para sa iyo sa pinakadulo, ito ay pagpapanatili ng iyong kadalisayan sa harap ng Diyos. Ang pag-aalay ng isang banal na espirituwal na katawan at isang dalisay na birhen sa Diyos ay nangangahulugan ng pagpapanatili ng isang pusong taos sa harap ng Diyos. Para sa sangkatauhan, ang katapatan ay kadalisayan, at ang kakayahang maging taos sa Diyos ay pagpapanatili ng kadalisayan. Ito ang dapat mong isagawa. Kapag dapat kang manalangin, manalangin ka; kapag dapat kang makitipon sa pagbabahagi, gawin mo iyon; kapag dapat kang umawit ng mga himno, umawit ka ng mga himno; at kapag dapat mong talikdan ang laman, talikdan mo ang laman. Kapag ginagampanan mo ang iyong tungkulin, hindi ka natataranta; kapag nahaharap ka sa mga pagsubok naninindigan ka. Ito ang katapatan sa Diyos.

Hinango mula sa “Dapat Mong Panatilihin ang Iyong Katapatan sa Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang nais Ko ay ang iyong katapatan at pagkamasunurin ngayon, ang iyong pag-ibig at patotoo ngayon. Kahit na hindi mo pa alam sa sandaling ito kung ano ang patotoo o kung ano ang pag-ibig, dapat mong ibigay sa Akin ang iyong lahat-lahat, at ibigay sa Akin ang tanging kayamanan na mayroon ka: ang iyong katapatan at pagkamasunurin. Dapat mong malaman na ang patotoo ng Aking paggapi kay Satanas ay nakasalalay sa katapatan at pagkamasunurin ng tao, gayundin ang patotoo sa Aking ganap na paglupig sa tao. Ang tungkulin ng iyong pananampalataya sa Akin ay ang magpatotoo sa Akin, maging tapat sa Akin lamang, at maging masunurin hanggang sa huli. Bago Ko simulan ang susunod na hakbang ng Aking gawain, paano ka magpapatotoo sa Akin? Papaano ka magiging tapat at masunurin sa Akin? Itinatalaga mo ba ang iyong buong katapatan sa iyong tungkulin o basta ka na lang susuko? Mas nanaisin mo bang

magpasakop sa bawat pagsasaayos Ko (maging ito man ay kamatayan o pagkawasak), o tumakas sa kalagitnaan upang maiwasan ang Aking pagkastigo? Kinakastigo kita upang ikaw ay magpatotoo sa Akin, at maging tapat at masunurin sa Akin. Higit pa rito, ang pagkastigo sa kasalukuyan ay upang ilantad ang susunod na hakbang ng Aking gawain at upang pahintulutang sumulong nang walang hadlang ang gawain. Kaya itinatagubilin Ko sa iyo na maging matalino at huwag tratuhin ang iyong buhay o ang kahalagahan ng iyong pag-iral na parang walang kabuluhang buhangin. Malalaman mo bang tiyak kung ano ang darating na gawain Ko? Alam mo ba kung paano Ako gagawa sa mga darating na araw at kung paano malalantad ang Aking gawain? Dapat mong malaman ang kabuluhan ng iyong karanasan sa Aking gawain, at bukod pa rito, ang kabuluhan ng iyong pananampalataya sa Akin.

Hinango mula sa “Ano ang Alam Mo sa Pananampalataya?” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Itinuring Ko ang tao sa mahigpit na pamantayan sa buong panahon. Kung may kaakibat na mga balak at kondisyon ang katapatan mo, mas nanaisin Ko pang wala ang tinatawag mong katapatan, sapagkat nasusuklam Ako sa mga nanlilinlang sa Akin sa pamamagitan ng kanilang mga balak at nangingikil sa Akin sa pamamagitan ng mga kondisyon. Hiling Ko lamang na maging lubos na tapat sa Akin ang tao, at gawin ang lahat ng bagay para sa kapakanan ng—at para patunayan ang—isang salita: pananampalataya. Kinamumuhian Ko ang paggamit mo ng matamis na mga pananalita upang subukang pasayahin Ako, sapagkat palagi Ko kayong pinakitunguhan nang may katapatan, at kaya ninanais Ko ring pakitunguhan ninyo Ako nang may totoong pananampalataya.

Hinango mula sa “Isa Ka bang Tunay na Mananampalataya sa Diyos?” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung kaya mong ilaan ang iyong puso, katawan, at lahat ng iyong tunay na pagmamahal sa Diyos, iharap ang mga iyon sa Kanya, maging ganap na masunurin sa Kanya, at maging lubos na mapagbigay sa

Kanyang kalooban—hindi para sa laman, hindi para sa pamilya, at hindi para sa iyong sariling personal na mga hangarin, kundi para sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, na itinuturing ang salita ng Diyos bilang prinsipyo at pundasyon sa lahat—sa paggawa niyon, ang iyong mga layunin at iyong mga pananaw ay malalagay na lahat sa tamang lugar, at magiging isa kang tao sa harap ng Diyos na tumatanggap ng Kanyang papuri. Ang mga taong gusto ng Diyos ay yaong mga tiyak na Kanya; sila yaong sa Kanya lamang magiging matapat. Ang mga kinasusuklaman ng Diyos ay yaong mga malamig sa Kanya at sumusuway sa Kanya. Kinasusuklaman Niya yaong mga naniniwala sa Kanya at laging gustong masiyahan sa Kanya habang hindi pa nagagawang lubos na gugulin ang kanilang sarili para sa Kanyang kapakanan. Kinasusuklaman Niya yaong mga nagsasabi na Siya ay mahal nila ngunit sumusuway sa Kanya sa kanilang puso; kinasusuklaman Niya yaong mga gumagamit ng magagaling at mabulaklak na salita upang manlinlang. Yaong mga hindi tunay na nakalaan sa Diyos o hindi pa tunay na nagpapasakop sa Kanya ay mga taksil at masyadong likas na mayabang. Yaong mga hindi tunay na makapagpasakop sa harap ng normal at praktikal na Diyos ay mas mayabang pa, at sila ay talagang ang masunuring mga inapo ng arkanghel. Ang mga taong tunay na ginugugol ang kanilang sarili para sa Diyos ay inilalagak ang buo nilang pagkatao sa Kanyang harapan; tunay silang nagpapasakop sa lahat ng Kanyang mga pahayag, at naisasagawa nila ang Kanyang mga salita. Ginagawa nilang pundasyon ng kanilang pag-iral ang mga salita ng Diyos, at nagagawa nilang taimtim na saliksikin ang nilalaman ng mga salita ng Diyos upang alamin kung aling mga bahagi ang isasagawa. Sila yaong mga tao na tunay na namumuhay sa harap ng Diyos.

Hinango mula sa “Yaong mga Tunay na Nagmamahal sa Diyos ay Yaong mga Talagang Nagpapasakop sa Kanyang Pagiging Praktikal” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Yaong naglilingkod sa Diyos ay dapat maging mga kaniig ng Diyos, dapat ay nakalulugod sila sa Diyos, at may kakayahan ng sukdulang

katapatan sa Diyos. Ikaw man ay kumikilos sa pribado o sa harap ng publiko, ikaw ay nakatatamo ng kagalakan ng Diyos sa harap ng Diyos, ikaw ay may kakayahang manindigan sa harap ng Diyos, at paano ka man tratuhin ng ibang mga tao, lagi mong tinatahak ang landas na dapat mong tahakin, at masusing pinangangalagaan ang pasanin ng Diyos. Tanging ganitong mga tao ang mga kaniig ng Diyos. Na nakakaya ng mga kaniig ng Diyos na direktang maglingkod sa Kanya ay dahil nabigyan na sila ng dakilang tagubilin ng Diyos, at pasanin ng Diyos, nagagawa nilang damahin ang puso ng Diyos bilang kanila, at dalhin ang pasanin ng Diyos bilang kanila, at hindi nila isinasaalang-alang ang kanilang mga layunin sa hinaharap: Kahit na wala silang mga layunin, at hindi sila makikinabang, sila ay palaging maniniwala sa Diyos nang may mapagmahal na puso. At dahil dito, ang ganitong uri ng tao ay kaniig ng Diyos. Ang mga kaniig ng Diyos ay Kanya ring mga pinagkakatiwalaan; ang mga pinagkakatiwalaan lamang ng Diyos ang magagawang makibahagi sa Kanyang pagkabalisa, at sa Kanyang mga saloobin, at bagaman ang kanilang laman ay makirot at mahina, natitiis nila ang kirot at tinatalikdan yaong kanilang kasiyahan upang mapasaya ang Diyos. Nagbibigay ang Diyos ng mas maraming pasanin sa gayong mga tao, at kung ano ang nais gawin ng Diyos ay pinatutunayan ng ganoong patotoo ng mga tao. Sa gayon, nakalulugod ang mga taong ito sa Diyos, sila ay mga lingkod ng Diyos na kaayon ng Kanyang sariling puso, at ang mga tao lamang na tulad nito ang maaaring mamuno kasama ng Diyos. Kapag ikaw ay tunay na naging kaniig ng Diyos ay kung kailan ka talaga mamumuno na kasama ng Diyos.

Hinango mula sa “Paano Maglingkod na Kaayon ng Kalooban ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sumunod na kayo sa Akin sa mga nakalipas na taon, ngunit hindi ninyo Ako nabigyan ni katiting na katapatan kailanman. Sa halip, napainog ninyo ang inyong buhay sa mga taong mahal ninyo at sa mga bagay na nagpapasaya sa inyo—kaya sa tuwina, at saanman kayo magpunta, pinanatili ninyo silang malapit sa puso ninyo at hindi sila pinabayaan

kailanman. Tuwing kinasasabikan o kinagigiliwan ninyo ang anumang bagay na gustung-gusto ninyo, nangyayari ito habang sumusunod kayo sa Akin, o kahit habang nakikinig kayo sa Aking mga salita. Kaya nga, sinasabi Ko na ginagamit ninyo ang katapatang hinihiling Ko sa inyo upang sa halip ay maging matapat sa inyong mga “paborito” at itangi ang mga ito. Magsakripisyo man kayo ng isa o dalawang bagay para sa Akin, hindi ito kumakatawan sa lahat ng maibibigay ninyo, at hindi nagpapakita na sa Akin kayo talaga matapat. Nakikibahagi kayo sa mga gawaing gustung-gusto ninyo: Matapat ang ilang tao sa mga anak, ang iba naman sa kanilang asawa, kayamanan, trabaho, nakatataas, katayuan, o kababaihan. Hindi kayo nagsasawa o nayayamot kailanman sa mga bagay na matapat kayo; sa halip, lalo pa kayong nasasabik na magkaroon ng mas marami ng mga bagay na ito na mas mataas ang kalidad, at hindi kayo sumusuko kailanman. Ako at ang Aking mga salita ay palaging nahuhuli sa mga bagay na gustung-gusto ninyo. At wala kayong magagawa kundi ihuli ang mga ito. Mayroon pang mga tao na inihuhuli ito para sa mga bagay na matapat sila na kailangan pa nilang tuklasin. Wala ni katiting na bakas kailanman na nasa puso nila Ako. Maaari ninyong isipin na napakarami Kong hinihiling sa inyo o mali Ako sa pag-akusa sa inyo—ngunit naisip na ba ninyo kahit kailan ang katotohanan na habang masaya kayong gumugugol ng oras sa piling ng inyong pamilya, ni minsan ay hindi kayo naging matapat sa Akin? Sa ganitong mga pagkakataon, hindi ba kayo nasasaktan? Kapag puspos ng kagalakan ang inyong puso, at ginantimpalaan kayo para sa inyong mga pagpapagal, hindi ba kayo nalulungkot na hindi ninyo napagkalooban ang inyong sarili ng sapat na katotohanan? Kailan kayo naiyak dahil hindi ninyo natanggap ang Aking pagsang-ayon? Nag-iisip kayong mabuti at lubhang nagpapakasakit alang-alang sa inyong mga anak, ngunit hindi pa rin kayo nasisiyahan; naniniwala pa rin kayo na hindi kayo nagpakasipag para sa kanila, na hindi pa ninyo nagagawa ang lahat ng kaya ninyo para sa kanila. Gayunman, sa Akin, lagi kayong nagpapabaya at walang-ingat; nasa alaala lamang ninyo Ako, ngunit hindi Ako nananatili sa puso ninyo. Ang Aking debosyon at mga

pagsisikap ay hindi ninyo nadarama palagi, at hindi kayo kailanman nagkaroon ng pagpapahalaga sa mga iyon. Nagninilay-nilay lamang kayo sandali at naniniwala na sasapat na ito. Hindi ganito ang “katapatan” na matagal Ko nang pinananabikan, kundi ito yaong matagal Ko nang kinasusuklaman.

Hinango mula sa “Kanino Ka Matapat?” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang pag-aalala Ko ay patuloy na ang paraan kung paanong ang bawat isa sa inyo ay kumikilos at nagpapahayag ng sarili niya, na siyang batayan kung saan tutukuyin Ko ang wakas ninyo. Gayunman, dapat Ko itong gawing malinaw: Tungo sa yaong mga hindi nagpakita sa Akin ni katiting na katapatan sa mga panahon ng kapighatian, hindi na Ako magiging mahabagin, sapagkat natatakdaan ang abot ng habag Ko. Higit pa rito, wala Akong gugustuhin sa sinumang minsan na Akong ipinagkanulo, mas lalong hindi Ko gustong nakikipag-ugnayan sa yaong mga nagkakanulo sa mga kapakanan ng mga kaibigan nila. Ito ang disposisyon Ko, hindi alintana kung sino man ang taong iyan. Dapat Ko itong sabihin sa inyo: Sinumang babasag sa puso Ko ay hindi makatatanggap ng habag mula sa Akin sa ikalawang pagkakataon, at ang sinumang naging matapat sa Akin ay magpakailanmang mananatili sa puso Ko.

Hinango mula sa “Maghanda ng Sapat na Mabubuting Gawa para sa Iyong Hantungan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ngayon, kung ano ang kinakailangan sa inyo na kamtin ay hindi mga karagdagang hinihingi, kundi ang tungkulin ng tao, at ang kailangang gawin ng lahat ng tao. Kung kayo ay walang kakayahan na gampanan man lamang ang inyong tungkulin, o magawa ito nang mainam, hindi ba’t pinahihirapan ninyo lamang ang inyong mga sarili? Hindi ba’t sinusuyo ninyo ang kamatayan? Paano pa kayo makakaasa na magkaroon ng hinaharap at mga posibilidad? Ang gawain ng Diyos ay ginagawa para sa kapakanan ng sangkatauhan, at ang pakikipagtulungan ng tao ay ibinibigay para sa kapakanan ng pamamahala ng Diyos. Pagkatapos na nagawa ng Diyos ang lahat ng nararapat Niyang gawin, ang tao ay kinakailangang

maging pursigido sa kanyang pagsasagawa, at makipagtulungan sa Diyos. Sa gawain ng Diyos, ang tao ay hindi dapat magkulang sa pagsisikap, nararapat mag-alay ng kanyang katapatan, at hindi dapat magpasasa sa napakaraming kuro-kuro, o maupo nang walang-kibo at maghintay ng kamatayan. Kayang isakripisyo ng Diyos ang Kanyang Sarili para sa tao, kaya bakit hindi maibigay ng tao ang kanyang katapatan sa Diyos? May iisang puso at isip ang Diyos tungo sa tao, kaya bakit hindi makapag-alok ng kaunting pakikipagtulungan ang tao? Gumagawa ang Diyos para sa sangkatauhan, kaya bakit hindi magampanan ng tao ang ilan sa mga tungkulin niya para sa kapakanan ng pamamahala ng Diyos? Nakarating na ang gawain ng Diyos nang ganito kalayo, gayunman kayo ay nakakakita pa rin ngunit hindi kumikilos, kayo ay nakakarinig ngunit hindi gumagalaw. Hindi ba't ang mga taong ganyan ay ang mga layon ng kapahamakan? Nailaan na ng Diyos ang Kanyang lahat para sa tao, kaya bakit, ngayon, hindi pa rin magampanan ng tao nang masigasig ang kanyang tungkulin? Para sa Diyos, ang Kanyang gawain ay ang Kanyang uunahin, at ang gawain ng Kanyang pamamahala ay ang pinakamahalaga. Para sa tao, ang pagsasagawa ng mga salita ng Diyos at pagtupad sa mga kinakailangan Niya ay kanyang unang prayoridad. Ito ay dapat maunawaan ninyong lahat.

Hinango mula sa "Ang Gawain ng Diyos at ang Pagsasagawa ng Tao" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Bilang isang tao, para matanggap ang tagubilin ng Diyos, kailangan siyang maging deboto. Kailangang maging ganap siyang deboto sa Diyos, at hindi maaaring wala siyang sigla, hindi tumatanggap ng pananagutan, o kumikilos batay sa sarili niyang interes o pakiramdam; hindi ito pagiging deboto. Ano ang tinutukoy ng pagiging deboto? Ibig sabihin nito ay habang tinutupad mo ang iyong mga tungkulin, hindi ka naiimpluwensyahan at nahihigpitan ng mga pakiramdam, sitwasyon, tao, usapin, o bagay-bagay. "Natanggap ko ang tagubiling ito mula sa Diyos; ibinigay na Niya ito sa akin. Ito ang dapat kong gawin. Kung gayon ay gagawin ko ito na

itinuturing itong sarili kong gawain, sa anumang paraang nagbubunga ng magagandang resulta, na ang kahalagahan ay nakatuon sa pagbibigay-lugod sa Diyos.” Kapag ganito ang iyong kalagayan, hindi ka lamang kontrolado ng iyong konsiyensya, kundi may kasama ring pagiging deboto. Kung nasisiyahan ka lamang na magawa ito, nang hindi hinahangad na maging mahusay at magkamit ng mga resulta, at nadarama mo na sapat nang magpakita lamang ng kaunting pagsisikap, pamantayan lamang ito ng konsiyensya, at hindi maituturing na debosyon. Kapag deboto ka sa Diyos, medyo mas mataas ang pamantayang ito kaysa sa pamantayan ng konsiyensya. Ito, kung gayon, ay hindi na patungkol lamang sa pagpapakita ng kaunting pagsisikap; kailangan mong pagsumikapan ito nang husto. Kailangan mong palaging ituring ang iyong tungkulin bilang sarili mong trabahong gagawin, tumanggap ng mga pasanin para sa gawaing ito, hayaang mapangaralan ka kung makagawa ka ng pinakamaliit na pagkakamali o kung medyo padaskol kang magtrabaho, madama na hindi ka maaaring maging ganitong klaseng tao, dahil ginagawa ka nitong lubhang hindi marapat sa Diyos. Ang mga taong talagang matino ay tumutupad sa kanilang mga tungkulin na para bang ang mga ito ay sarili nilang trabahong gagawin, mayroon mang namamahala o wala. Masaya man sa kanila ang Diyos o hindi at paano man Niya sila tinatrato, laging mahigpit ang kahilingan nila sa kanilang sarili na tuparin ang kanilang mga tungkulin at tapusin ang tagubiling naipagkatiwala sa kanila ng Diyos. Ang tawag dito ay debosyon. Hindi ba mas mataas na pamantayan ito kaysa sa pamantayan ng konsiyensya? Madalas, ang pamantayan ng konsiyensya ay naiimpluwensyahan ng mga panlabas na bagay, o ginagamit lamang ng isang tao ang kanyang buong lakas; ang antas ng kadalisayan ay hindi gayon kataas. Kapag pinag-uusapan ang “debosyon” at “tapat na pagtupad sa tungkulin ng isang tao,” ang antas ng kadalisayan ay tumataas, at hindi sapat ang magdagdag ng kaunti pang pagsisikap. Kailangan ay ibuhos mo ang sarili mo sa iyong tungkulin nang buong puso, isipan, katawan, at kaluluwa. Kung minsan ay kailangang mahirapan nang kaunti ang iyong katawan; kailangan mong ibuhos dito ang buong isipan mo. Kapag sumapit

sa iyo ang maraming sitwasyon, hindi ka maaaring maimpluwensyahan o mapigilan ng mga ito, at hindi ka dapat magpagapos dito. Kailangang pumangalawa lamang sa iyo ang mga personal na bagay; kailangan mong magsakripisyo nang husto, talikuran ang iyong mga personal na interes, iyong kayabangan, iyong damdamin, pisikal na mga kasiyahan at kaginhawahan, at kailangan mo pa ngang talikuran ang iyong kabataan, iyong asawa at iyong mga inaasam. Kapag nagkagayon, nagkaroon ka na ng debosyon.

Hinango mula sa “Makakaya Lamang ng Mga Tao na Maging Totoong Masaya sa Pamamagitan ng Pagiging Matapat” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sa pasimula, ang mga tao ay atubiling magsagawa ng katotohanan. Gawing halimbawa ang matapat na pagtupad sa mga tungkulin: May kaunti kang pagkaunawa sa pagtupad sa mga tungkulin at pagiging matapat sa Diyos, at nauunawaan mo rin ang kaugnay na mga katotohanan, subalit kailan mo ganap na iuukol ang iyong sarili sa Diyos? Kailan mo magagawang tuparin ang iyong mga tungkulin sa ngalan at gawa? Mangangailangan ito ng proseso. Sa prosesong ito, maaaring dumanas ka ng maraming hirap. Maaaring iwasto ka ng ilang tao, maaaring punahin ka ng iba. Matutuon ang lahat ng mata sa iyo, at doon mo lamang masisimulang matanto na ikaw ay nasa mali at ang totoo ay ikaw ang nakagawa ng hindi mabuti, na hindi katanggap-tanggap ang kakulangan ng debosyon sa pagtupad sa iyong tungkulin, at hindi ka dapat maging padalos-dalos at mapagwalang-bahala. Liliwanagan ka ng Banal na Espiritu mula sa loob, at sasawayin ka kapag ikaw ay nagkamali. Sa prosesong ito, mauunawaan mo ang ilang mga bagay tungkol sa iyong sarili, at malalaman mo na labis kang di-dalisay, nagkikimkim ka ng napakaraming personal na motibo, at may napakaraming pagnanasa habang tinutupad ang iyong mga tungkulin. Sa sandaling naunawaan mo na ang diwa ng mga bagay na ito, makakaya mo nang humarap sa Diyos sa panalangin at tunay na magsisi; sa ganitong paraan, malilinisan ka ng mga karumihan. Kung, sa ganitong paraan, madalas mong hinahanap ang

katotohanan upang malutas ang iyong mga sariling praktikal na problema, unti-unting tatapak ka sa tamang landas ng pananampalataya. Mas dinadalisay ang tiwaling disposisyon ng sinuman, mas magbabagong-anyo ang disposisyon ng kanilang buhay.

Hinango mula sa “Ang Dapat Malaman Tungkol sa Pagbabago ng Disposisyon ng Isang Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung nais mong maging tapat sa pagtugon sa kalooban ng Diyos sa lahat ng ginagawa mo, hindi maaaring gampanan mo lamang ang iyong tungkulin; kailangan mong tanggapin ang anumang utos na ibinibigay ng Diyos sa iyo. Tumutugon man ito o hindi sa iyong mga panlasa at kasama sa iyong mga interes, o isang bagay man ito na hindi nakakasiya sa iyo o hindi mo pa nagawa dati, o isang bagay na mahirap gawin, dapat mo pa rin itong tanggapin at sundin. Hindi mo lamang kailangang tanggapin ito, kundi kailangan ay aktibo kang makipagtulungan, at matuto tungkol dito at makapasok dito. Kahit nagdurusa ka at hindi pa namumukod-tangi at sumisikat, kailangan ka pa ring maging tapat. Kailangan mo itong ituring na tungkulin mong tutuparin; hindi bilang personal na bagay, kundi bilang tungkulin mo. Paano dapat unawain ng mga tao ang kanilang mga tungkulin? Ito ay kapag may ipinagawa ang Lumikha—ang Diyos—sa isang tao, at sa puntong iyan, nagsisimula na ang tungkulin ng taong iyon. Ang mga gawaing ibinibigay sa iyo ng Diyos, ang mga inuutos sa iyo ng Diyos—iyan ang mga tungkulin mo. Kapag itinuring mong mga mithiin mo ang mga ito, at talagang taos-puso ang pagmamahal mo sa Diyos, matatanggihan mo pa ba ang inuutos ng Diyos? Hindi ka dapat tumanggi. Dapat mong tanggapin iyon, tama ba? Ito ang landas ng pagsasagawa. Ano ang landas ng pagsasagawa? (Ang lubos na maging deboto sa lahat ng bagay.) Maging deboto sa lahat ng bagay para matugunan ang kalooban ng Diyos. Ano ang pinagtutuunan dito? Iyon ay “nasa lahat ng bagay.” Ang “lahat ng bagay” ay hindi nangangahulugan ng mga bagay na gusto mo o kung saan ka mahusay, lalong hindi ang mga bagay na pamilyar ka. Kung minsan, kakailanganin mong mag-aral, kung minsan

mamomroblema ka, kung minsan dapat kang mahirapan. Gayunpaman, anuman ang gawain, basta't ito ay utos ng Diyos, dapat mo itong tanggapin mula sa Kanya, ituring na tungkulin mo ito, maging tapat sa pagganap dito, at tugunan ang kalooban ng Diyos. Ito ang landas ng pagsasagawa.

Hinango mula sa "Makakaya Lamang ng Mga Tao na Maging Totoong Masaya sa Pamamagitan ng Pagiging Matapat" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung anuman ang hinihingi sa iyo ng Diyos, kailangan mo lamang ibigay dito ang iyong lahat-lahat. Makaaasang nakakaya mong ipakita ang iyong katapatan sa Diyos sa harap Niya sa katapusan, at hangga't nakikita mo ang nasisiyahang ngiti ng Diyos sa Kanyang trono, kung ito man ay ang oras ng iyong kamatayan, dapat mong makayang tumawa at ngumiti habang ipinipikit ang iyong mga mata. Dapat mong gawin ang iyong huling tungkulin sa Diyos sa loob ng iyong panahon sa lupa. Sa nakaraan, si Pedro ay ipinako sa krus nang pabaligtad para sa Diyos; subali't, dapat mong bigyang-kasiyahan ang Diyos sa katapusan, at ubusin ang lahat ng iyong lakas para sa Diyos. Ano ang maaaring gawin ng isang nilalang para sa Diyos? Kaya dapat mong ibigay ang iyong sarili sa ilalim ng pagsasaayos ng Diyos nang mas maaga sa halip na mas huli. Hangga't ang Diyos ay masaya at nasisiyahan, kung gayon ay hayaan Siyang gawin kung ano ang ninanais Niya. Ano ang karapatan na mayroon ang mga tao para dumaing?

Hinango mula sa "Kabanata 41" ng Mga Pakahulugan sa mga Hiwaga ng mga Salita ng Diyos sa Buong Sansinukob sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Pagkaraan ng ilang taon, nabugbog ng panahon ang tao, nakaranas na ng hirap ng pagpipino at pagkastigo. Bagama't nawala sa tao ang "kaluwalhatian" at "pagmamahalan" ng mga panahong nakaraan, hindi niya namalayan na nauunawaan na niya ang mga prinsipyo ng pag-uugali ng tao, at nagkaroon na siya ng pagpapahalaga sa ilang taon ng debosyon ng Diyos sa pagliligtas sa sangkatauhan. Unti-unting nagsimulang kasuklaman ng tao ang sarili niyang kabangisan. Nagsisimula siyang kamuhian kung gaano siya kabangis, lahat ng maling pagkaunawa niya sa Diyos, at ang di-

makatwirang mga kahilingang nagawa niya sa Kanya. Hindi maibabalik ang mga kamay ng orasan. Ang nakaraang mga kaganapan ay nagiging malulungkot na alaala ng tao, at ang mga salita at pagmamahal ng Diyos ang nagtutulak sa tao na magbagumbuhay. Ang mga sugat ng tao ay naghihilom araw-araw, nagbabalik ang kanyang lakas, at tumatayo siya at tumitingin sa mukha ng Makapangyarihan sa lahat … para lamang matuklasan na palagi Siyang nasa aking tabi, at na ang Kanyang ngiti at Kanyang magandang mukha ay lubha pa ring nagpapasigla. May malasakit pa rin Siya sa Kanyang puso para sa sangkatauhan na Kanyang nilikha, at mainit at makapangyarihan pa rin ang Kanyang mga kamay tulad noong simula. Para bang ang tao ay nagbalik sa Halamanan ng Eden, subalit sa pagkakataong ito ay hindi na nakikinig ang tao sa mga panunukso ng ahas at hindi na tumatalikod palayo sa mukha ni Jehova. Lumuluhod ang tao sa harap ng Diyos, tumitingala sa nakangiting mukha ng Diyos, at nag-aalok ng kanyang pinakamahalagang sakripisyo—O! Panginoon ko, Diyos ko!

Hinango mula sa “Maaari Lamang Maligtas ang Tao sa Gitna ng Pamamahala ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

80. Ang Mga Prinsipyo sa Pagsusuri ng mga Potensyal na Pakay para sa Ebanghelyo

(1) Una, kinakailangang matiyak kung ang isang potensyal na pakay para sa ebanghelyo ay may mabuti o masamang pagkatao, kung kaya nilang tanggapin ang katotohanan, at kung may masamang espiritu na umiimpluwensya sa kanila. Pagkatapos nito, patunayan kung maaaring ipalaganap ang ebanghelyo sa kanila.

(2) Matapos makumpirang mabuti ang isang potensyal na pakay para sa ebanghelyo, dapat kang makitungo nang may sinseridad at maghanap ng mga pagkakataon upang magbahagi ng katotohanan, na nagbibigay-daan sa pagpapalaganap ng ebanghelyo;

(3) Dapat mong unawain at alamin ang kakayahan, mga kagustuhan, mahahalagang kahinaan, at mga kuro-kuro ng isang potensyal na pakay para sa ebanghelyo, upang makapagbigay ng saligan para sa mga

susunod na patotoo para sa kanila;

(4) Kung matuklasan na ang isang potensyal na pakay para sa ebanghelyo ay masyadong mapagmataas at mapagmagaling para tanggapin ang katotohanan, ngunit may talento sa pagpapalaganap ng ebanghelyo at kayang maglingkod, dapat ay sikapin mo silang kumbinsihin.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Sa simula, ang taong nilikha ng Diyos ay buhay, ngunit dahil sa katiwalian ni Satanas, namumuhay ang tao sa gitna ng kamatayan, at namumuhay sa ilalim ng impluwensya ni Satanas, kaya nga, sa ganitong paraan, naging patay na walang espiritu ang mga tao, naging mga kaaway sila na sumasalungat sa Diyos, naging mga kasangkapan sila ni Satanas, at naging mga bihag sila ni Satanas. Naging patay na mga tao na ang lahat ng buhay na mga taong nilikha ng Diyos, kaya nawala sa Diyos ang Kanyang patotoo, at nawala sa Kanya ang sangkatauhang Kanyang nilikha na tanging nagtataglay ng Kanyang hininga. Kung babawiin ng Diyos ang Kanyang patotoo at babawiin yaong mga nilikha ng Kanyang sariling kamay subalit nabihag na ni Satanas, kailangan Niyang buhayin silang muli upang maging buhay na mga nilalang sila, at kailangan Niyang bawiin sila upang mamuhay sila sa Kanyang liwanag. Ang mga patay ay yaong mga walang espiritu, yaong mga sukdulang manhid at sumasalungat sa Diyos. Una sa lahat, sila yaong mga hindi nakakikilala sa Diyos. Wala ni katiting na intensyon ang mga taong ito na sumunod sa Diyos; naghihimagsik lamang sila laban sa Kanya at sinasalungat Siya, at wala kahit na katiting na katapatan. Ang mga buhay ay yaong mga isinilang muli ang mga espiritu, na alam sumunod sa Diyos, at mga tapat sa Diyos. Taglay nila ang katotohanan, at ang patotoo, at ang mga taong ito lamang ang nakalulugod sa Diyos sa Kanyang tahanan. Inililigtas ng Diyos yaong mga kayang mabuhay, na kayang makita ang pagliligtas ng Diyos, na kayang maging tapat sa Diyos at handang hanapin ang Diyos. Inililigtas Niya yaong mga naniniwala sa pagkakatawang-tao ng Diyos at sa Kanyang pagpapakita. Kayang mabuhay ng ilang tao, at ang ilan ay hindi; nakasalalay ito sa kung kayang maligtas o hindi ang kanilang kalikasan.

Hinango mula sa “Ikaw Ba ay Isang Taong Nabuhay na?” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa pagsasagawa ng tungkuling maipalaganap ang ebanghelyo, dapat mong tuparin ang iyong pananagutan. Paano mo nauunawaan ang katagang “pananagutan”? Paano mo tinatanggap ang pananagutang ito at isinasapamuhay nang tama sa mga tunay na sitwasyon? Iyan ang iyong pananagutan—ang ipasa ang iyong pagkaunawa sa ebanghelyo at kung ano ang natanggap mo rito mula sa Diyos sa mga taong nais Niyang bahaginan mo nito. Kung gayon, paano mo ito ipinalalaganap? Hindi ito isang bagay na ginagawa mo sa iyong mga libreng oras, at hindi ito ipinalalaganap ayon sa iyong mga sariling damdamin o kagustuhan, o sa pamamagitan ng paghahain ng sa palagay mo ay nararapat na kainin ng taong tatanggap. Bagkus, ipinalalaganap ito ayon sa mga hinihingi ng Diyos at sa mga prinsipyo ng tahanan ng Diyos—isang pagpapahayag ng kaisipang ito sa malawak na paraan. Para sa isang mas tiyak na pagpapahayag, ito ay ang paggawa ng lahat ng makakaya mo upang mahanap ang lahat ng pagkakataong maibahagi ang natanggap mo at ang naunawaan mo sa mga taong dapat mong bahaginan nito. Ano ang dapat mong gawin habang isinasakatuparan ito? Tuparin ang iyong pananagutan, gawin ang lahat ng makakayanan, at huwag mag-atubiling ibigay kung ano man ang kinakailangan. Ano ang ibig sabihin ng pagsasagawa ng lahat ng iyong makakayanan? Nangangahulugan ito na kahit kamakailan mo lamang sinimulang ipalaganap ang ebanghelyo at wala ka pang gaanong karanasan, o hindi ka mahusay na tagapagsalita, o hindi ka gaanong nakapag-aral, wala kang dahilan o hindi ka dapat gumawa ng pagdadahilan upang hindi maka-akay ng mga tao. Dapat mong pag-ibayuhin ang iyong pagsisikap sa gawaing ito, unawain ang mga kalagayan ng mga nais mong bahaginan ng ebanghelyo, at humanap ng naaangkop na pamamaraan upang maibahagi sa kanila ang ebanghelyo. Halimbawa, tingnan kung ano ang nauunawaan ng mga pinagtutuunan mong bahaginan ng ebanghelyo, ano ang kanilang katauhan, kung mahilig ba

silang magsalita, at kung nais ba nila ng masiglang usapan. Kung hindi nila nais ng masiglang usapan, dapat kang makipag-usap sa kanila nang malumanay at higit na mabagal. Kung hindi mataas ang antas ng kanilang pinag-aralan, at kulang ang kanilang kakayahang umunawa, dapat kang makipag-usap sa magandang pamamaraan, mabagal at mahinahon, linya bawat linya, unti-unti. Kung sila ay may kaunting kaalamang kultural at nais na makinig sa wika o pananalita ng mga nakapag-aral, ngunit hindi sapat ang antas ng iyong edukasyon, dapat kang maghanda ng ilang mga pag-aaral, o humanap ng sinumang may mataas na pinag-aralan upang makasama sa iyong mga pakikipagtalakayan sa kanila. Kung ang isang pinagtutuunan mong bahaginan ng ebanghelyo ay marami ang nalalaman tungkol sa Biblia ngunit ni minsan sa iyong buhay ay hindi mo pa nabasa ang Biblia, ano ang gagawin mo? Dapat mong hasain ang iyong sarili at hanapin sa Biblia kung ano ang tiyak na pangangailangan ng pinagtutuunan mong bahaginan ng ebanghelyo, ang mga naaangkop propesiya mula sa Lumang Tipan at mga naaangkop talata mula sa Bagong Tipan. Kung wala kang anumang gagawin, dapat kang magbasa, magtala, o magsaulo ng mga talata mula sa Biblia. Dagdag dito, dapat mong pagnilayan kung paano inuunawa ng mga relihiyosong tao ang mga talatang ito, at kung paano mo maaabot ang punto na matutulungan mo silang maunawaan ang mga ito nang wasto at dalisay, upang, sa kalaunan ay makabuo ka ng ugnayan sa mga talatang ito at magabayan mo ang mga taong ito na maunawaan ang gawain ng Diyos sa mga huling araw. Ito ang kahulugan ng paggawa ng takdang-aralin. Dapat mong maunawaan kung ano ang iba't ibang uri ng pangangailangan ng mga tao, at pagkatapos, batay sa mga kalagayang ito, gumawa ka ng kaunting pag-aaral. Ito ang paggawa ng anumang makakayanan mo at pagtupad sa iyong pananagutan.

Hinango mula sa "Ang Pagpapalaganap sa Ebanghelyo ay Tungkuling Dapat Tuparin ng Lahat ng Mananampalataya" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang mga tao ay maaaring uriin sa mga kategorya, na dinedetermina

ng kanilang mga espiritu. May mga tao na may mga pantaong espiritu, at sila ay pinipili sa isang paraan na nauna nang nadetermina. Sa loob ng pantaong espiritu ay may isang bahagi na nauna nang nadetermina. May mga tao na walang espiritu; sila ay mga demonyo na nakapasok nang palíhím. Sila ay hindi itinadhana at pinili ng Diyos. Bagama't nakapasok sila, hindi sila maliligtas, at sa kasukdulan ay hihilahing palayo ng mga demonyo. Dinedetermina ng panloob na kalikasan ng tao kung tatanggapin niya ang gawain ng Diyos, o kung anong daan ang kanyang tatahakin o kung makapagbabago siya pagkatapos niyang tanggapin ito. May mga tao na hindi makakaiwas na maligaw. Dinedetermina ng kanilang mga espiritu na sila ay nasa ganitong katergoya ng bagay na ito; hindi sila makapagbabago. May mga tao na hinihintuan na ng Banal na Espiritu ang paggawa dahil hindi tinahak ng mga taong ito ang tamang daan. Kung babalik sila ay maaari pa ring gawin ng Banal na Espiritu ang Kanyang gawain, nguni't kung ipagpipilitan nila ang hindi pagbabalik kung gayon ay lubusan na silang natapos. Mayroong lahat ng uri ang mga pangyayari.

Hinango mula sa "Paano Mauunawaan ang Matuwid na Disposisyon ng Diyos" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Ginagampanan ng Diyos ang gawain ng mga huling araw sa pamamagitan ng pagpapahayag ng katotohanan upang hatulan at linisin ang mga tao. Dahil doon, tanging ang mga tao lamang na may mabuting pagkatao, na umiibig sa katotohanan, at kayang unawain ng mga salita ng Diyos at tanggapin ang katotohanan ang may pag-asa ng kaligtasan. Sa panahon ng pagpapalaganap ng ebanghelyo, natuklasan namin na may kaunti lamang sa tiwaling sangkatauhan ang may mabuting pagkatao, na umiibig sa katotohanan, at maaaring maligtas; hindi natutugunan ng karamihan ang mga kondisyon para sa pagpapalaganap ng ebanghelyo. Kaya, kapag pinapalaganap ang ebanghelyo, dapat muna nating pakiramdaman ang mga tao at piliin ang mabubuting tao na tunay na nananampalataya sa Diyos at hinahanap ang katotohanan. Ang

pagpapatotoo sa Diyos sa mga nakakatugon lamang sa mga kondisyon sa pagpapalaganap ng ebanghelyo ay pakikipagtulungan sa gawain ng pagliligtas sa tao ng Diyos at nakaayon sa kalooban ng Diyos. Kung hindi tayo namimili kapag pinapalaganap ang ebanghelyo, may pananagutan tayo kung gayon na dalhin sa bahay ng Diyos ang mga taong hindi mga hinirang ng Diyos, katulad ng mga taong hindi nakakaunawa sa mga espirituwal na bagay, masasamang espiritu, mga balintunang tao, mga anticristo, masasamang tao, at mga huwad na mananampalataya na gusto lamang magpakabusog. Ang mga taong ito ay mga walang anumang pag-ibig para sa katotohanan at hindi tunay na nananampalataya sa Diyos, o mga talagang walang kakayahang maunawaan ang katotohanan, o maging mga nagpapasimula ng gulo at gumagawa ng maraming masasamang gawain. Ang mga taong ito ay kay Satanas at hindi sila hinirang na maligtas ng Diyos. Sa kanilang pagpasok sa bahay ng Diyos, hindi lamang sila hindi maliligtas, bagkus magiging sanhi sila ng ng mga pagkaabala at mga pagkagambala sa mga gawain ng bahay ng Diyos. At kaya, dapat tayong maging mapamili kapag ipinapalaganap ang ebanghelyo, bunutin ang mga hindi nakakatugon sa mga kondisyon para sa pagpapalaganap ng ebanghelyo, at dalhin sa harapan ng Diyos ang mga umaayon sa mga prinsipyo kung saan naipapalaganap ang ebanghelyo. Tanging ito lamang ang naaayon sa kalooban ng Diyos.

Hinango mula sa Ang Pagbabahagi mula sa Itaas

Dapat mangaral ang isang tao sa mga mabubuting tao na may higit na mabuting pagkatao na umaamin sa kaibuturan na mayroong Diyos, kayang hanapin ang totoong daan, at kayang tanggapin ang katotohanan, maging sila man ay mga tipong relihiyoso o hindi o di-mananampalataya. Hindi dapat mangaral ang isang tao sa mga taong hindi nakatutugon sa mga kondisyong ito. Itinatakda na ngayon ng bahay ng Diyos na, kapag ipinangangaral ang ebanghelyo, dapat iyong gawin ng mga tao ayon sa mga prinsipyo ng “limang mangaral” at “limang huwag mangaral.” Walang sinuman ang maaaring lumabag sa mga prinsipyong ito.

Ang mga detalye ng “limang mangaral” na prinsipyo ay ang mga sumusunod:

1. Mangaral lamang sa mga tao na tunay na naniniwala na mayroong Diyos sa kanilang mga puso at nagnanais na hanapin at suriin ang tunay na daan.

2. Anuman ang uri ng trabaho ng isang tao o ang antas ng edukasyon, maaari silang mapangaralan basta’t sila ay nagtataglay ng higit na mabuting pagkatao at kayang tanggapin ang katotohanan.

3. Kahit ano pa man ang pangkat ng relihiyon na una nang kinabilangan ng isang tao—at kasama na rito ang mga tao na naniniwala sa lahat ng uri ng pamahiin o ang mga sumamba man sa masasamang espiritu o mga huwad na diyos—maaari silang mapangaralan basta’t hindi nila propesyonal na pinangasiwaan ang pangkat ng relihiyon at hindi sinasaniban ng masasamang espiritu, at nagnanais silang hanapin at suriin ang totoong daan.

4. Hinggil sa mga sikat na tao sa lipunan mula sa iba’t ibang uri ng pamumuhay, maaari silang mapangaralan basta’t kinikilala nila na mayroong Diyos, kayang tanggapin ang katotohanan, at natitiyak na ang kanilang pag-unawa ay hindi balintuna at na hindi sila gumagawa ng lahat ng uri ng kasamaan.

5. Hinggil sa mga pinuno ng relihiyon, maaari silang mapangaralan basta’t kinikilala nila ang totoong daan at tinatanggap ang katotohanan, ang reputasyon nila ay hindi gaanong masama, hindi sila masama, at hindi sila balintuna o hindi nakakaunawa sa mga usaping espirituwal.

Ang mga detalye ng “limang huwag mangaral” na prinsipyo ay ang mga sumusunod:

1. Huwag kailanman mangaral sa mga tao na sinaniban ng masasamang espiritu sa loob ng ilang panahon o may mga malubhang gawain ng masasamang espiritu.

2. Huwag kailanman mangaral sa mga tao na may labis na masamang pagkatao, na may mga masamang reputasyon, na may kakayahang gumawa ng lahat ng uri ng masasamang gawain, at mga masasamang tao.

3. Huwag kailanman mangaral sa mga tao na mukhang mabangis, pangit, at kakaiba, katulad ng mga demonyo, at mga nakapagpaparamdam sa iyo ng pagkabalisa o maging ng pangingilabot

4. Huwag kailanman mangaral sa mga tao na may iba't ibang malulubhang kapansanan, na ang mga isip ay baluktot, at hindi madaling tinatanggap ang katotohanan.

5. Huwag kailanman mangaral sa mga tao na labis ang baba ng kakayahan na may mahinang pag-iisip at walang kakayahang unawain ang katotohanang salita ng Diyos.

Dapat na mahigpit na sumunod ang mga hinirang na tao ng Diyos sa "limang mangaral" at "limang huwag mangaral" na prinsipyo na nasa itaas. Sinuman ang nangangaral sa isa sa limang uri ng mga tao na hindi dapat na mapangaralan ay isang taong gumagambala at ginugulo ang gawaing ebanghelyo. Ituturing sila bilang isang tao na gumagawa ng gulo ng walang dahilan, isang tao na sinasadyang gumawa ng masama, at dapat silang bigyan ng babala. Dapat na mapahinto ang gayong mga tao mula sa pagtupad ng kanilang tungkulin kung hindi sila magsisisi. Maaaring magkaroon ng pagpapahintulot sa ilang espesyal na pagkakataon, at hindi dapat gamitin ang sistemang "isang patakaran para sa lahat". Halimbawa, kung ang isang tao ay kayang tanggapin ang katotohanan ngunit may paghihinala na nabibilang sa isa sa "limang huwag mangaral" na kategorya, maaari silang mapangaralan basta't matitiyak ang mga sumusunod: Una, hindi sila sinasaniban ng mga demonyo; ikalawa, hindi sila masamang tao; at ikatlo, hindi sila espiya. Kung ang isang taong maaaring mapangaralan ay may ilang suliranin—marahil ay minsan silang nagsalita sa iba't ibang mga wika, o sumali sa isang pangkat ng masamang espiritu, atbp.—maaari pa rin silang mapangaralan kung matitiyak na makakatulong sila kahit sa pagpapalaganap man lang ng ebanghelyo. Kung ang taong iyon ay hindi makakatulong sa pagpapalaganap ng ebanghelyo at maaari pang magdulot ng pinsala o pagkagambala, hindi nga dapat sila papangaralan kung gayon. Ito ay isang espesyal na prinsipyo. Karagdagan pa, kung ang isang may kapansanang tao ay may

magandang reputasyon, at kung matitiyak na ang taong ito ay may mabuting pagkatao, kayang tanggapin ang katotohanan, at makakatulong sa pagpapalaganap ng ebanghelyo, maaari rin silang mapangaralan kung gayon. Kung lumitaw ang isang alanganing sitwasyon, ang mga mungkahi ng karamihan ang dapat na gamitin sa pamamagitan ng pagsasalamuha. Sa nakaraan, ang mga iglesia saanmang dako ay napipigilan ng ilang mga patakaran sa pangangaral ng ebanghelyo, katulad ng hindi pangangaral sa mga taong may bálat sa kanilang mga mukha, mga taong dinapuan ng mga kakaibang karamdaman, mga taong sangkot sa pyramid schemes, mga taong may vitiligo, mga taong may iba't ibang uri ng kapansanan, mga taong nakakakita ng mga bagay-bagay nang nakapikit ang kanilang mga mata, mga taong may hindi pangkaraniwang mga kapangyarihan, mga taong nakakakita ng mga kataka-takang kababalaghan, mga tao na palaging may mga kataka-takang panaginip, at iba pa. Lahat ng ito ay mali at balintuna, at dapat na ipagbawal. Maaaring mapangaralan ang isang tao hangga't naniniwala sila sa kanilang puso na mayroong Diyos, mayroon silang mabuting pagkatao, kayang ibigin ang katotohanan, tanggapin ang katotohanan, hindi masamang tao, hindi sinasaniban ng mga demonyo, at hindi isang tao na malinaw na may masasamang espiritung nagpapalakad sa kanila. Ito ang pinakapanimula at pinakasimpleng prinsipyo. Ang mga tao na hindi pa rin ito naiintindihan o nauunawaan ay mga taong magugulo ang isip.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Nananatili si Satanas sa kapangyarihan sa masamang daigdig na ito at ang malaking pulang dragon ay nasa paghihingalo pa rin, at kaya kapag ipinangangaral ng isang tao ang ebanghelyo, dapat niyang tiyakin ang mga prinsipyo ng pagsasagawa at isang paraan upang matalinong gawin ito ayon sa aktuwal na sitwasyon, at makakapangaral lang tayo sa mga naniniwalang may Diyos at hinahanap ang totoong daan. Kinakailangan muna kung gayon ang matutunan kung papaano makikilala ang mga tao

kapag ipinapangaral ang ebanghelyo. Maaari tayong makipag-usap at pakiramdaman ang mga tila mabubuti, mararangal at disenteng mga tao, at pagkatapos ay mangaral lamang sa kanila kapag sigurado na tayo na sumusunod sila sa mga prinsipyo ng pangangaral ng ebanghelyo. Huwag mangangaral sa mga tila masasama o mga hangal na tao o mga taong may mahinang kakayahan; ito ay karunungan. Ang ilang demonyo ay maaaring magmukhang may kabihasnan, magalang at may magandang pag-uugali, ngunit hindi sila tunay na mga mabubuting tao na umiibig sa katotohahan, at maaaring sila talaga ay mga ateistang namumuhi sa katotohanan. Ito ay katulad ng kung paanong ang ilang mga opisyal ay maaaring magmukhang tila marangal, ngunit sa oras na banggitin ng isang tao ang Diyos, sila ay nagiging mabangis, at ang gayong mga tao ay mga demonyong namumuhi sa katotohanan. Ang pangangaral ng ebanghelyo sa mga ganoong tao ay paghahanap ng gulo at maaaring madaling magdala ng mga suliranin. Kung matuklasan mo na ang isang tao ay disente at walang muwang, dapat kang makipag-ugnayan sa kanila kapag natiyak na ligtas na gawin iyon. Kapag nakatiyak ka na na ang isang tao ay puntirya ng ebanghelyo, dapat ka munang magsalita tungkol sa ilang mga patotoong karanasan ng pananampalataya sa Diyos, obserbahan ang kanilang pagtugon upang makita kung sila ay interesado sa katotohanan, at pagkatapos ay magpasya kung magpapatotoo sa Diyos o hindi. Mas ligtas ang ganitong paraan ng pagsasagawa. Kung ang dalawang tao ay magkasamang gumagawa sa pangangaral ng ebanghelyo, dapat din nilang matutunan kung paano makipagtulungan upang pakiramdaman muna ang mga tao at pagkatapos ay magbahaginan sa katotohanan. Bukod pa rito, dapat din nilang patuloy na obserbahan ang reaksyon ng puntirya ng ebanghelyo saka-sakaling may mangyaring hindi inaasahan. Tanging sa pamamagitan lang ng pagtutulungan sa ganitong paraan upang ipangaral ang ebanghelyo ito ay magiging ligtas. Hindi lang nito pinadadali ang pagtatamo ng mga tao ngunit kasabay ding tinitiyak ang kaligtasan. Ang mga nangangaral ng ebanghelyo at nagpapatotoo sa Diyos ay dapat na manalangin sa Diyos nang may isang puso at isip upang maayos na

matupad ang kanilang tungkulin. Sa ganoong paraan, mabubuhay sila sa ilalim ng patnubay ng Banal na Espiritu. Ito ang pinakaimportanteng prinsipyo sa pagsasagawa ng pagpapalaganap ng ebanghelyo.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

81. Ang Mga Prinsipyo sa Pagpapalaganap ng Ebanghelyo at Pagpapatotoo sa Diyos

(1) Kinakailangang maunawaan na lahat ng mananampalataya ay may tungkuling ipalaganap ang ebanghelyo at magpatotoo para sa Diyos, at itinalaga ng Langit at kinilala ng lupa na gawin nila iyon. Dapat silang magpasakop dito, tanggapin ito, dahil obligasyon nilang gawin iyon;

(2) Kinakailangang magpatotoo sa gawain ng Diyos sa mga huling araw nang naaayon sa Kanyang mga salita, ang uri ng patotoong ginagawang malinaw at tuwiran ang gawaing iyon, nang nakatuon sa pagpaparating ng mahahalagang katotohanan at iniaalis ang malalaking kuro-kuro at hirap na humahadlang sa pagtanggap ng tao sa gawain ng Diyos;

(3) Bawat pakay ay dapat na sumailalim sa maingat na pagsusuri at pagsasaliksik, at dapat ay bumuo ng mga praktikal na plano. Sikaping gumamit ng makabagong mga paraan sa pinakamabisang maaari.

(4) Kinakailangang piliin ang tamang mga pakay para sa pagpapalaganap ng ebanghelyo. May pakikibagay na gumamit ng iba't-ibang mahusay na paraan at, basta't hindi labag sa batas o makasalanan, gawin ang kinakailangan mong gawin para makakuha ng mas maraming tao;

(5) Kinakailangang tingalain ang gawain ng Banal na Espiritu at sundin ang Kanyang patnubay. Sa bawat bansa, gumamit ng mga pamamaraang nababagay sa mga lokal na sistema, batas, at tuntunin, na maaaring kabilang ang direktang pagpapalaganap ng ebanghelyo, natural na pagpapalaganap ng ebanghelyo, o "grupong ebanghelismo."

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Bilang mga miyembro ng sangkatauhan at tapat na mga Kristiyano, pananagutan at obligasyon nating lahat na ialay ang ating isipan at katawan para sa katuparan ng tagubilin ng Diyos, dahil ang ating buong pagkatao ay nagmula sa Diyos, at ito ay umiiral salamat sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos. Kung ang mga isipan at katawan natin ay hindi para sa tagubilin ng Diyos at hindi para sa matuwid na kapakanan ng sangkatauhan, ang ating mga kaluluwa'y hindi magiging karapat-dapat sa mga taong naging martir para sa tagubilin ng Diyos, at mas hindi karapat-dapat sa Diyos, na naglaan sa atin ng lahat ng bagay.

Hinango mula sa "Ang Diyos ang Namumuno sa Kapalaran ng Buong Sangkatauhan" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang ipinagkaloob Ko sa inyo ngayon ay higit pa kay Moises at higit pa kay David, kung kaya't hinihiling Ko na ang inyong patotoo ay malampasan ang kay Moises at ang inyong mga salita ay maging higit pa kay David. Sandaang beses ang Aking ibinibigay sa inyo—kaya't hinihiling Ko rin sa inyo na katumbas noon ang ibalik sa Akin. Dapat ninyong malaman na Ako ang nagkakaloob ng buhay sa sangkatauhan, at kayo ang tumatanggap ng buhay mula sa Akin at dapat magpatotoo sa Akin. Ito ang inyong tungkulin na Aking ipinapadala sa inyo at nararapat ninyong gawin para sa Akin. Ipinagkaloob Ko na sa inyo ang lahat ng Aking kaluwalhatian, ipinagkaloob Ko sa inyo ang buhay na hindi kailanman natanggap ng hinirang na bayan, ang mga Israelita. Kung tutuusin, dapat kayong magpatotoo sa Akin at italaga ang inyong kabataan at ialay ang inyong buhay sa Akin. Ang sinumang pagkalooban Ko ng Aking kaluwalhatian ay dapat na magpatotoo sa Akin at mag-alay ng kanilang buhay para sa Akin. Matagal Ko na itong naitadhana. Mapalad kayo na ipinagkakaloob Ko ang Aking kaluwalhatian sa inyo, at ang inyong tungkulin ay magpatotoo sa Aking kaluwalhatian. Kung maniniwala kayo sa Akin upang magtamo lamang ng mga pagpapala, walang gaanong magiging kabuluhan ang Aking gawain, at hindi ninyo maisasakatuparan ang inyong tungkulin. Ang nakita lamang ng

mga Israelita ay ang Aking awa, pag-ibig, at kadakilaan, at ang nasaksihan lamang ng mga Judio ay ang Aking tiyaga at pagtubos. Kaunting-kaunti lamang ang nakita nila sa gawain ng Aking Espiritu; sa puntong ang naunawaan nila ay pawang katiting lang ng narinig at nakita ninyo. Nahigitan ng nakita ninyo maging ang mga pinunong saserdote sa gitna nila. Ang mga katotohanan na inyong naunawaan ngayon ay higit sa kanila; ang nakita ninyo ngayon ay higit pa sa nakita noong Kapanahunan ng Kautusan, pati na rin sa Kapanahunan ng Biyaya, at ang naranasan ninyo ay higit pa maging sa naranasan nina Moises at Elias. Sapagkat ang naunawaan lamang ng mga Israelita ay ang batas ni Jehova, at ang nakita nila ay ang likuran lamang ni Jehova; ang naunawaan lamang ng mga Judio ay ang pagtubos ni Jesus, ang natangap nila ay ang biyaya lamang na ipinagkaloob ni Jesus, at ang nakita nila ay ang larawan lamang ni Jesus sa loob ng tahanan ng mga Judio. Ang nakikita ninyo ngayon ay ang kaluwalhatian ni Jehova, ang pagtubos ni Jesus, at ang lahat ng Aking mga gawa sa araw na ito. Gayundin, narinig na ninyo ang mga salita ng Aking Espiritu, pinahalagahan ang Aking karunungan, nasaksihan ang Aking kamanghaan, at natutunan ang Aking disposisyon. Nasabi Ko na rin sa inyo ang lahat ng Aking plano ng pamamahala. Ang nasaksihan ninyo ay hindi lamang isang mapagmahal at maawaing Diyos, kundi isang Diyos na puspos ng katuwiran. Nakita na ninyo ang Aking nakamamanghang gawain at nalaman ninyong puno Ako ng kamahalan at poot. Higit pa rito, batid ninyong minsan na Akong nagdala ng Aking nag-aalab na poot sa sambahayan ng Israel, at ngayon, nakarating na ito sa inyo. Higit pa ang nauunawaan ninyo sa Aking mga misteryo sa langit kaysa kina Isaias at Juan; higit pa ang nalalaman ninyo tungkol sa Aking pagiging kaibig-ibig at pagiging kagalang-galang kaysa sa lahat ng banal ng mga nakaraang kapanahunan. Ang natanggap ninyo ay hindi lamang ang Aking katotohanan, ang Aking daan, at ang Aking buhay, kundi isang pangitain at pahayag na higit pa kaysa kay Juan. Naunawaan ninyo ang higit na maraming misteryo, at nasaksihan na rin ang Aking tunay na mukha; higit pa ang natanggap ninyo sa Aking paghatol at higit pa ang nalalaman ninyo

tungkol sa Aking matuwid na disposisyon. Kung kaya, kahit na ipinanganak kayo sa mga huling araw, ang inyong pang-unawa ay sa nauna at nakalipas, at naranasan na rin ninyo ang mga bagay sa kasalukuyan, at ang lahat ng ito ay personal Kong ginawa. Hindi labis ang hinihingi Ko sa inyo, sapagkat napakarami Ko nang naibigay sa inyo, at marami na ang nakita ninyo sa Akin. Samakatuwid, hinihiling Ko sa inyong magpatotoo para sa Akin sa mga banal ng mga nagdaang kapanahunan, at ito lamang ang nais ng Aking puso.

Hinango mula sa “Ano ang Alam Mo sa Pananampalataya?” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang lahat ng tao ay kailangang maunawaan ang mga layunin ng Aking gawain sa daigdig, iyon ay, ang nais Kong makamit sa huli at kung anong antas ang dapat Kong makamit sa gawaing ito bago ito magiging ganap. Kung, pagkaraang maglakad na kasama Ko hanggang sa araw na ito, ang mga tao ay hindi pa nakakaunawa kung tungkol saan ang Aking gawain, hindi ba walang kabuluhan ang paglalakad nilang kasama Ko? Kung sumusunod ang mga tao sa Akin, dapat alam nila ang Aking kalooban. Gumagawa na Ako sa lupa sa loob ng libu-libong taon, at hanggang sa araw na ito, ay ginagawa Ko pa rin ang Aking gawain sa paraang ito. Bagaman maraming proyekto ang nilalaman ng Aking gawain, ang layunin ng gawaing ito ay nananatiling hindi nagbabago; halimbawa, kahit na Ako ay puno ng paghatol at pagkastigo sa tao, ang Aking ginagawa ay alang-alang pa rin sa pagliligtas sa kanya, at alang-alang sa mas mainam na pagpapalaganap ng Aking ebanghelyo at pagpapalawak pa ng Aking gawain sa lahat ng bansang Gentil sa sandaling ang tao ay nagawa nang ganap. Kaya ngayon, sa panahon kung kailan maraming tao ang matagal nang lubhang lugmok sa pagkabigo, patuloy pa rin Ako sa Aking gawain, ipinagpapatuloy ang gawain na dapat Kong gawin upang hatulan at kastiguhin ang tao. Sa kabila ng katotohanang ang tao ay puno na sa Aking sinasabi, at wala siyang pagnanasang makialam sa Aking gawain, isinasakatuparan Ko pa rin ang Aking tungkulin, sapagka’t ang layunin ng

Aking gawain ay nananatiling hindi nagbabago, at ang Aking orihinal na plano ay hindi masisira. Ang silbi ng Aking paghatol ay ang bigyang-kakayahan ang tao na maging mas mahusay sa pagsunod sa Akin, at ang silbi ng Aking pagkastigo ay ang tulutan ang tao na mas mabisang mabago. Bagaman ang Aking ginagawa ay alang-alang sa Aking pamamahala, hindi Ako kailanman nakagawa ng anumang bagay na walang pakinabang sa tao, dahil nais Kong gawin ang lahat ng bansa sa labas ng Israel na kasing masunurin ng mga Israelita, at gawin silang tunay na mga tao, nang sa gayon ay may panghahawakan Ako sa mga lupain sa labas ng Israel. Ito ang Aking pamamahala; ito ang gawain na Aking tinutupad sa mga bansang Gentil. Kahit ngayon, maraming tao ang hindi pa rin nakakaunawa sa Aking pamamahala, sapagka't wala silang interes sa mga bagay na ito, kundi may pakialam lamang sa kanilang mga sariling kinabukasan at hantungan. Kahit ano ang Aking sabihin, ang mga tao ay wala pa ring malasakit sa gawaing Aking ginagawa, sa halip ay nakatuon lamang sa kanilang mga hantungan sa hinaharap. Kung ang mga bagay-bagay ay magpapatuloy sa ganitong paraan, paano mapapalawak ang Aking gawain? Paano mapapalaganap ang Aking ebanghelyo sa buong mundo? Dapat ninyong malaman na kapag ang Aking gawain ay lumawak, ikakalat Ko kayo, at hahampasin Ko kayo, gaya ng paghampas ni Jehova sa bawat tribo ng Israel. Ang lahat ng ito ay gagawin upang mapalaganap ang Aking ebanghelyo sa buong daigdig, at makarating ito sa mga bansang Gentil, nang sa gayon ang Aking pangalan ay dadakilain ng kapwa matatanda at mga bata, at ang Aking banal na pangalan ay dadakilain ng bibig ng mga tao mula sa lahat ng tribo at bansa. Ito ay upang sa huling kapanahunang ito, dadakilain ang Aking pangalan sa mga bansang Gentil, upang makita ng mga Gentil ang Aking mga gawa at tatawagin nila Akong ang Makapangyarihan sa lahat dahil sa Aking mga gawa, at upang ang Aking mga salita ay maaaring matupad sa lalong madaling panahon. Ipaaalam Ko sa lahat ng tao na hindi lamang Ako Diyos ng mga Israelita, kundi ang Diyos din ng lahat ng bansa ng mga Gentil, kahit na yaong Aking isinumpa. Hahayaan Kong makita ng lahat ng tao na Ako ang Diyos ng

buong sangnilikha. Ito ang Aking pinakadakilang gawain, ang layunin ng Aking plano sa paggawa para sa mga huling araw, at ang tanging gawain na tutuparin sa mga huling araw.

Hinango mula sa “Ang Gawain ng Pagpapalaganap ng Ebanghelyo ay ang Gawain Din ng Pagliligtas sa Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Nagagawa mo bang ipabatid ang disposisyong ipinahayag ng Diyos sa bawat kapanahunan sa isang kongkretong paraan, gamit ang wikang angkop na nagpapahayag ng kabuluhan ng kapanahunan? Ikaw ba, na nakakaranas ng gawain ng Diyos sa mga huling araw, ay may kakayahan na detalyadong ilarawan ang matuwid na disposisyon ng Diyos? Malinaw at tumpak ka bang makapagpapatotoo tungkol sa disposisyon ng Diyos? Paano mo ipapasa ang iyong nakita at naranasan sa mga taong nakakaawa, dukha, at tapat na relihiyosong mga mananampalataya na nagugutom at nauuhaw sa katuwiran at naghihintay sa iyo na akayin sila? Anong klaseng mga tao ang naghihintay sa iyo na akayin sila? Naiisip mo ba? Alam mo ba ang pasaning nasa iyong mga balikat, ang iyong tungkulin, at ang iyong responsibilidad? Nasaan ang iyong diwa ng makasaysayang misyon? Paano ka magsisilbi nang sapat bilang isang panginoon sa susunod na kapanahunan? Mayroon ka bang matinding diwa ng pagiging panginoon? Paano mo ipaliliwanag ang panginoon ng lahat ng bagay? Ito ba talaga ang panginoon ng lahat ng nabubuhay na nilalang at lahat ng pisikal na bagay sa mundo? Ano ang mga plano mo para sa pagsulong ng sumunod na yugto ng gawain? Ilang tao ang naghihintay sa iyo na maging pastol nila? Mabigat ba ang iyong gawain? Sila ay dukha, kaawa-awa, bulag, at nalilito, dumaraing sa kadiliman—nasaan ang daan? Lubha silang nananabik sa liwanag, tulad ng isang bulalakaw, upang biglang bumulusok at itaboy ang mga puwersa ng kadiliman na nang-api sa tao sa loob ng maraming taon. Sino ang makakaalam kung gaano sila sabik na umaasa, at gaano sila nananabik, araw at gabi, para dito? Kahit sa isang araw na nagdaraan ang kumikinang na liwanag, ang mga taong ito na labis na nagdurusa ay nananatiling nakakulong sa isang madilim na

piitan nang walang pag-asang mapalaya; kailan sila titigil sa pagluha? Grabe ang kasawian ng marurupok na espiritung ito na hindi kailanman napagkalooban ng kapahingahan, at matagal nang patuloy na nakatali sa kalagayang ito ng walang-awang mga gapos at malamig na kasaysayan. At sino na ang nakarinig sa ingay ng kanilang pagdaing? Sino na ang nakakita sa kanilang kaawa-awang kalagayan? Naisip mo na ba kung gaano kalungkot at kabalisa ang puso ng Diyos? Paano Niya matitiis na makita ang inosenteng sangkatauhan, na nilikha ng sarili Niyang mga kamay, na nagdaranas ng gayong paghihirap? Kunsabagay, ang sangkatauhan ang kapus-palad na mga biktimang nalason na. At bagama't nanatiling buhay ang tao hanggang sa araw na ito, sino ang makakaalam na matagal nang nalason ng masamang nilalang ang sangkatauhan? Nalimutan mo na ba na isa ka sa mga biktima? Hindi ka ba handang patuloy na mabuhay, dala ng iyong pagmamahal sa Diyos, upang iligtas ang mga taong ito? Hindi ka ba handang ilaan ang lahat ng iyong lakas upang suklian ang Diyos, na nagmamahal sa sangkatauhan na parang sarili Niyang laman at dugo? Kapag nasabi at nagawa na ang lahat, paano mo bibigyang-kahulugan ang pagkakasangkapan ng Diyos sa iyo upang maipamuhay mo ang iyong pambihirang buhay? Talaga bang mayroon kang matibay na pasiya at tiwala na ipamuhay ang makabuluhang buhay ng isang taong madasalin at mapaglingkod sa Diyos?

Hinango mula sa "Paano Mo Dapat Asikasuhin ang Misyon Mo sa Hinaharap?" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ano ang layunin ng malawakang pagpapalaganap ng ebanghelyo? Gaya nang patuloy na sinasabi mula nang magsimula ang bahaging ito ng gawain, naparito ang Diyos upang gampanan ang Kanyang gawain sa panahong ito upang pasinayaan ang isang bagong kapanahunan, upang paratingin ang isang bagong kapanahunan at wakasan ang luma, isang katunayan na maaari nang makita sa mga naririto ngayon at natupad na. Ibig sabihin, gumaganap ng bagong gawain ang Diyos, at tinanggap na ito ng mga tao dito at lumitaw na mula sa Kapanahunan ng Kautusan at

Kapanahunan ng Biyaya, hindi na nagbabasa pa ng Biblia, hindi na nabubuhay pa sa ilalim ng krus, hindi na isinisigaw pa ang pangalan ng Panginoong Jesus ang Tagapagligtas, ngunit magkakasabay na nananalangin sa pangalan ng Diyos ng kasalukuyan at tinatanggap ang mga salitang ipinapahayag ngayon ng Diyos at tinatanggap ang mga ito bilang mga prinsipyo ng pagkaligtas ng buhay, mga pamamaraan, at mga layunin ng buhay ng tao. Sa ganitong paraan, hindi pa ba nakapasok sa isang bagong kapanahunan ang mga tao rito? Sa anong kapanahunan, kung gayon, nabubuhay ang mas maraming taong hindi tumanggap sa ebanghelyong ito at mga salitang ito? Nabubuhay pa rin sila sa Kapanahunan ng Biyaya. Trabaho na ninyo ngayong ilabas ang mga taong ito mula sa Kapanahunan ng Biyaya at papasukin sila sa bagong kapanahunang ito. Magagampanan mo ba ang tagubiling ito sa pamamagitan lamang ng pananalangin at pagtawag sa pangalan ng Diyos? Sapat na bang mangaral lamang ng ilang mga salita ng Diyos? Tiyak na hindi; kinakailangan na lahat kayo'y tumanggap ng pananagutan para sa tungkuling pagpapalaganap ng ebanghelyo, ng malawakang pagpapalaganap ng mga salita ng Diyos, ng pagpapalaganap at pagpapalawak ng kanilang abot. Ano ang kahulugan ng "pagpapalawak ng kanilang abot"? Nangangahulugan ito ng pagpapalaganap ng ebanghelyo ng Diyos nang lagpas sa mga taong naririto; nangangahulugan ito nang pagpapabatid sa higit pang maraming tao tungkol sa bagong gawain ng Diyos, at pagkatapos ay ipangaral ang mga salita ng Diyos sa kanila. Nangangahulugan ito na gamitin ang inyong karanasan upang magpatotoo sa gawain ng Diyos at dalhin din sila sa bagong kapanahunan. Sa gayon, sila'y magiging katulad ninyo. Ang layunin ng Diyos ay malinaw—nais niya na hindi lamang kayo na nakarinig at tumanggap sa Kanyang mga salita at nagpasimulang sumunod sa Kanya ang makapasok sa bagong kapanahunan; nais Niyang pangunahan ang buong sangkatauhan papasok sa bagong kapanahunan. Ito ang layunin ng Diyos, at isang katotohanan ito na dapat maunawaan ng bawat taong sumusunod sa Diyos sa kasalukuyan. Hindi pinapangunahan ng Diyos ang isang pangkat o maliit

na grupo ng mga tao papasok sa bagong kapanahunan, kundi pinapangunahan ang buong sangkatauhan papasok sa bagong kapanahunan. Upang makamit ang layuning ito, kinakailangan na malawakang maipalaganap ang ebanghelyo, at gumamit ng maraming pamamaraan at daluyan upang magawa ito.

Hinango mula sa “Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (1)” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung nais mong maging angkop para gamitin ng Diyos, dapat alam mo ang gawain ng Diyos, dapat alam mo ang gawain na Kanyang isinagawa noon (sa Bago at Lumang Tipan), at, higit pa rito, dapat alam mo ang Kanyang gawain ngayon. Ang ibig sabihin, dapat alam mo ang tatlong yugto ng gawain ng Diyos na ginawa sa loob ng 6,000 taon. Kung ikaw ay inatasang magpalaganap ng ebanghelyo, hindi mo ito magagawa kung hindi mo alam ang gawain ng Diyos. Maaaring may magtanong sa iyo tungkol sa sinabi ng inyong Diyos tungkol sa Biblia, sa Lumang Tipan, at sa gawain at mga salita ni Jesus noong panahong iyon. Kung hindi ka makapagsasalita tungkol sa napapaloob na kuwento ng Biblia, hindi sila makukumbinsi. Noong panahong iyon, nangusap si Jesus tungkol sa Lumang Tipan sa Kanyang mga disipulo. Ang lahat ng kanilang nabasa ay mula sa Lumang Tipan; ang Bagong Tipan ay nasulat lamang ilang dekada pagkatapos maipako sa krus si Jesus. Upang mapalaganap ang ebanghelyo, dapat ninyong pangunahing maunawaan ang panloob na katotohanan ng Biblia, at ang gawain ng Diyos sa Israel, na siyang gawaing isinagawa ni Jehova. At dapat din ninyong maintindihan ang gawaing isinagawa ni Jesus. Ito ang mga isyung pinakainaalala ng lahat ng tao, at ang napapaloob na kuwento ng dalawang yugtong iyon ng gawain ang hindi pa nila naririnig. Kapag nagpapalaganap ng ebanghelyo, isantabi muna ang usapan tungkol sa gawain ng Banal na Espiritu ngayon. Ang yugtong ito ng gawain ay lagpas sa kanilang kakayahan, dahil ang hinahangad ninyong matamo ay ang pinakamatayog sa lahat—ang kaalaman sa Diyos at ang kaalaman sa gawain ng Banal na Espiritu—at

wala nang mas mataas pa kaysa sa dalawang ito. Kung una ninyong pag-uusapan kung ano ang matayog, magiging labis ito para sa kanila, dahil wala pang nakaranas ng ganoong gawain ng Banal na Espiritu; wala itong pamamarisan, at hindi madali para sa tao na tanggapin ito. Ang kanilang mga karanasan ay mga lumang bagay mula sa nakaraan, na mayroong mga paminsan-minsang gawain ng Banal na Espiritu. Ang nararanasan nila ay hindi ang gawain ng Banal na Espiritu ngayon, o ang kalooban ng Diyos ngayon. Sila ay kumikilos pa rin ayon sa mga lumang pagsasagawa, nang walang bagong liwanag, o bagong mga bagay.

Hinango mula sa “Tungkol sa mga Pangalan at sa Pagkakakilanlan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Para maipalaganap ang ebanghelyo, nang sa gayon ang lahat niyaong naghahanap nang may tapat na puso ay maaaring makatamo ng kaalaman tungkol sa gawain na ginagawa sa araw na ito at maging lubusang kumbinsido, dapat mong marating ang isang malinaw na pagkaintindi sa nakapaloob na kuwento, sa diwa, at sa kabuluhan ng gawain na ginagawa sa bawa’t yugto. Gawin mo na sa pakikinig sa iyong pagbabahagi, mauunawaan ng iba ang gawain ni Jehova, ang gawain ni Jesus at, higit pa rito, ang lahat ng gawain ng Diyos sa kasalukuyan, pati na rin ang mga pagkakaugnay at mga pagkakaiba sa pagitan ng tatlong yugto ng gawain. Gawin mo na pagkatapos nilang makinig, makikita nila na hindi ginagambala ng tatlong yugto ang isa’t isa, kundi ay lahat gawain ng parehong Espiritu. Kahit gumagawa Sila sa magkakaibang kapanahunan, ang nilalaman ng gawaing Kanilang ginagawa ay magkakaiba, at ang mga salitang Kanilang binibigkas ay magkakaiba, ngunit ang mga prinsipyo kung paano Sila gumagawa ay iisa at pareho. Ang mga bagay na ito ang pinakamalalaking pangitain na dapat maunawaan ng lahat ng taong sumusunod sa Diyos.

Hinango mula sa “Ang Hiwaga ng Pagkakatawang-tao (4)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang pagpapatotoo sa Diyos una sa lahat ay patungkol sa pagsasalita

tungkol sa iyong kaalaman sa gawain ng Diyos, kung paano nilulupig ng Diyos ang mga tao, kung paano inililigtas ng Diyos ang mga tao, kung paano Niya binabago ang mga tao; patungkol ito sa pagsasalita kung paano Niya ginagabayan ang mga tao papasok sa katotohanang realidad, na nagtutulot sa kanila na malupig, maperpekto, at mailigtas Niya. Ang pagpapatotoo ay nangangahulugan ng pagsasalita tungkol sa Kanyang gawain at lahat ng naranasan mo. Tanging ang Kanyang gawain ang kayang kumatawan sa Kanya, at tanging ang Kanyang gawain ang kayang maghayag sa Kanya sa publiko, sa Kanyang kabuuan; ang Kanyang gawain ay nagpapatotoo sa Kanya. Ang Kanyang gawain at mga binigkas ay direktang kumakatawan sa Espiritu; ang gawaing ginagawa Niya ay isinasakatuparan ng Espiritu, at ang mga salitang sinasambit Niya ay sinasalita ng Espiritu. Ang mga bagay na ito ay ipinapahayag lamang sa pamamagitan ng katawang-tao ng Diyos, subali't, ang katunayan, mga pahayag ito ng Espiritu. Lahat ng gawaing ginagawa Niya at lahat ng salitang sinasambit Niya ay kumakatawan sa Kanyang diwa. Kung, matapos bihisan ang Kanyang sarili ng laman at pumarito sa gitna ng tao, hindi nagsalita o gumawa ang Diyos, at pagkatapos ay inutusan kayong alamin ang Kanyang pagkatotoo, Kanyang normalidad, at Kanyang walang-hanggang kapangyarihan, magagawa mo ba? Magagawa mo bang alamin kung ano ang diwa ng Espiritu? Magagawa mo bang alamin ang mga katangian ng Kanyang katawang-tao? Dahil lamang sa naranasan ninyo ang bawa't hakbang ng Kanyang gawain kaya Niya kayo hinihingan na magpatotoo tungkol sa Kanya. Kung wala kayong gayong karanasan, hindi Niya kayo pipiliting magpatotoo. Sa gayon, kapag nagpapatotoo ka sa Diyos, hindi mo lamang pinatototohanan ang Kanyang panlabas na normal na pagkatao, kundi pati na ang gawaing Kanyang ginagawa at ang landas na Kanyang tinatahak; patototohanan mo kung paano ka Niya nalupig at sa anong mga aspeto ka nagawang perpekto. Ito ang klase ng patotoo na dapat mong ibigay. Kung, saan ka man magtungo, humihiyaw ka ng: "Naparito ang ating Diyos upang gumawa, at ang Kanyang gawain ay talagang praktikal! Natamo na Niya tayo nang walang mga kilos na higit sa

karaniwan, nang wala man lang anumang mga himala at kababalaghan!" Itatanong ng iba: "Ano ang ibig mong sabihin kapag sinasabi mo na hindi Siya gumagawa ng mga himala at kababalaghan? Paano ka Niya nalupig nang hindi gumagawa ng mga himala at kababalaghan?" At sasabihin mo: "Siya ay nagsasalita, at, kahit hindi nagpapakita ng anumang mga kababalaghan o himala, nalupig Niya tayo. Nalupig tayo ng Kanyang gawain." Sa kahuli-hulihan, kung wala kang masabing anuman na may katuturan, kung hindi mo nasasabi ang mga detalye, ito ba ay tunay na patotoo? Kapag nilulupig ng Diyos na nagkatawang-tao ang mga tao, ang Kanyang banal na mga salita ang gumagawa niyon. Hindi ito naisasakatuparan ng sangkatauhan; hindi ito isang bagay na nakakamit ng sinumang mortal, at kahit yaong mga may pinakamalalaking kakayahan sa normal na mga tao ay hindi ito kaya, sapagka't ang Kanyang pagka-Diyos ay mas mataas kaysa sinumang nilikha. Hindi ito pangkaraniwan sa mga tao; ang Lumikha, matapos ang lahat, ay mas dakila kaysa sinumang nilikha. Ang mga nilikha ay hindi kayang maging mas mataas kaysa sa Lumikha; kung mas mataas ka kaysa sa Kanya, hindi Niya magagawang lupigin ka, at nalulupig ka lang Niya dahil mas mataas Siya kaysa sa iyo. Siya na nakakayang lupigin ang buong sangkatauhan ay ang Lumikha, at walang sinuman kundi Siya ang nakakagawa ng gawaing ito. Ang mga salitang ito ay "patotoo"—ang klase ng patotoo na dapat mong taglayin. Sa paisa-isang hakbang, naranasan mo ang pagkastigo, paghatol, pagpipino, mga pagsubok, mga pagkabigo, at mga pagdurusa, at nalupig ka na; naisantabi mo na ang mga pagkakataon ng laman, ang iyong mga personal na motibo, at ang matatalik na interes ng laman. Sa madaling salita, lubos nang nalupig ng mga salita ng Diyos ang iyong puso. Bagama't hindi ka nakalago sa iyong buhay na katulad ng hinihingi Niya, alam mo ang lahat ng bagay na ito at lubos kang kumbinsido sa ginagawa Niya. Kaya, maaari itong tawaging patotoo, patotoo na tunay at totoo. Ang gawaing ipinarito ng Diyos na gawin, ang gawain ng paghatol at pagkastigo, ay para lupigin ang tao, nguni't tinatapos din Niya ang Kanyang gawain, winawakasan ang kapanahunan, at isinasakatuparan ang gawain ng pagtatapos.

Winawakasan Niya ang buong kapanahunan, inililigtas ang buong sangkatauhan, pinalalaya ang sangkatauhan mula sa kasalanan sa huling pagkakataon; lubos Niyang natatamo ang sangkatauhan, na Kanyang nilikha. Dapat mong patotohanan ang lahat ng ito. Napakarami mo nang naranasan sa gawain ng Diyos, nakita na ito ng sarili mong mga mata at personal mo itong naranasan; kapag nakaabot ka na sa pinakadulo, kailangan ay magawa mong gampanan ang tungkuling nakaatas sa iyo. Sayang iyon! Sa hinaharap, kapag pinalalaganap ang ebanghelyo, dapat mong makayang magsalita tungkol sa sarili mong kaalaman, magpatotoo sa lahat ng iyong natamo sa puso mo, at gawin ang lahat. Ito ang dapat marating ng isang nilikha. Ano ang aktuwal na kabuluhan ng yugtong ito ng gawain ng Diyos? Ano ang epekto nito? At gaano rito ang isinasakatuparan sa tao? Ano ang dapat gawin ng mga tao? Kapag nakakapagsalita ka nang malinaw tungkol sa lahat ng gawaing nagawa ng Diyos na nagkatawang-tao mula nang pumarito sa lupa, magiging husto ang iyong patotoo. Kapag nakakapagsalita ka nang malinaw tungkol sa limang bagay na ito: ang kabuluhan ng Kanyang gawain; ang mga nilalaman nito; ang diwa nito; ang disposisyon na kinakatawan nito; at ang mga prinsipyo nito, patutunayan nito na kaya mong magpatotoo sa Diyos, na tunay kang nagtataglay ng kaalaman. Ang Aking mga kinakailangan sa inyo ay hindi napakataas, at magagawa ng lahat ng nasa tunay na paghahabol. Kung nagpasya kang maging isa sa mga saksi ng Diyos, kailangan mong maunawaan kung ano ang kinapopootan ng Diyos at kung ano ang minamahal ng Diyos. Naranasan mo na ang marami sa Kanyang gawain; sa pamamagitan ng gawaing ito, kailangan mong malaman ang Kanyang disposisyon, maunawaan ang Kanyang kalooban at Kanyang mga kinakailangan sa sangkatauhan, at gamitin ang kaalamang ito upang magpatotoo tungkol sa Kanya at gampanan ang iyong tungkulin.

Hinango mula sa “Pagsasagawa (7)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

May mga paglihis sa paraan kung papaano nauunawaan ng maraming tao ang tungkol sa pagpapalaganap ng ebanghelyo. Iniisip ng ibang tao,

“Ginagampanan ko ang isang natatanging tungkulin, at ang pagpapalaganap ng ebanghelyo ay hindi ko gawain; higit pa rito, walang kinalaman sa akin ang mga prinsipyo, katotohanan, at layunin ng Diyos na dapat maunawaan upang maipalaganap ang ebanghelyo, kaya’t hindi ko sila kailangang unawain.” Dahil dito, kapag ibinabahagi ang aspetong ito ng katotohanan, nakakatulog sila o gumagala ang kanilang atensyon. Pumapasok sa isang taenga ang lahat ng kanilang naririnig at lumalabas sa kabila, at pagkatapos nilang makinig, hindi nila alam kung ano ang pinag-usapan. Mayroon ding mga nagsasabi na, “Mula pa noong magsimula akong sumampalataya sa Diyos, naglingkod ako bilang isang pinuno; mayroon akong kakayahan at maraming magagawa, at dati na akong itinalaga upang maging isang pinuno, kaya’t ang tungkuling ibinigay sa akin ng Diyos at misyon ko sa buhay ay maging pinuno.” Ipinapahiwatig nito na walang kinalaman sa kanila ang gawaing pagpapalaganap ng ebanghelyo. Iyon ang dahilan kung bakit, kapag nababanggit ang katotohanan ng paglaganap ng ebanghelyo, tila nakikinig sila, ngunit sa kanilang mga puso hindi nila ito pinapahalagahan. Makikita rito ang saloobing pinanghahawakan ng mga tao patungkol sa katotohanan. Kaya’t binabalaan ko ang lahat ng mga tao at ipinapaalam sa kanilang lahat na ang pagpapalaganap ng ebanghelyo ay hindi natatanging gawain ng iisang uri o grupo ng mga tao; ito’y gawain ng bawat tao na sumusunod sa Diyos. Bakit dapat Kong ipaunawa ito sa mga tao? At bakit kailangan nilang malaman ang tungkol dito? Ito’y misyon at gawain na dapat tanggapin ng bawat nilalang at bawat tagasunod ng Diyos, matanda man o bata, lalaki man o babae. Kapag dumating sa iyo ang misyong ito at hinihilingan kang ialay ang iyong katawan, o gugulin ang iyong sarili, at magbayad ng halaga, ano ang dapat mong gawin? Dapat mong tanggapin ang bagay na iyon na may utang na loob kang isagawa. Ito ang katotohanan, at ito ang dapat mong maunawaan. Hindi ito tungkol sa mga hungkag na kasabihan, ni ito’y piraso ng mabulaklak na pananalita lamang, ni hindi rin ito isang opinyon; ito ang katotohanan. At paano ito nagiging katotohanan? Ito’y dahil, sa kabila ng pagbabagong dulot ng paglipas ng panahon, o kung

paano nagbabago ang kapanahunan, o kung paano nagbabago ang heograpiya at lugar, isang walang-hanggang positibong bagay ang pagpapalaganap ng ebanghelyo at pagpapatotoo para sa Diyos; ang kahulugan nito, ang halaga nito, at ang pagkakabalangkas nito ay hindi nagbabago. Hindi ito nagbabago sa paglipas ng panahon o sa pangheograpiyang lokasyon. Ito'y umiiral nang walang hanggan, at ito ang marapat mong tanggapin, isagawa, at ipakita sa paraan ng iyong pamumuhay bilang isang nilalang. Ito ang katotohanan. Sinasabi ng ibang tao na marahil sa buong buhay nila ay hindi nila makakatagpo itong aspeto ng katotohanang ito, ngunit ito pa rin ay isang aspeto ng katotohanan na dapat maunawaan ng mga tao. At bakit ganito? Mayroon bang tiyak na panahon at tiyak na pangheograpiyang lokasyon upang ipalaganap ang ebanghelyo? Dapat ba itong isagawa nang may tiyak na grupo ng mga tao? Hindi. Kaya't sa sandaling naunawaan mo ang katotohanang ito, malalaman mo sa iyong puso: "Ang pangangaral ng bagong gawain ng Diyos at pangangaral ng ebanghelyo ng Kanyang gawain upang maligtas ang mga tao ay aking bokasyon; anumang lugar o panahon, anuman ang aking posisyon o gampanin o tungkuling kasalukuyan kong ginagampanan, mayroon akong obligasyon na humayo at ipalaganap ang mabuting balita ng bagong gawain ng Diyos. Utang na loob ko ang tungkuling ipasa ito kailanma't mayroon akong pagkakataon o bakanteng oras." Ang mga ito ba ang saloobin ng karamihan ng mga tao sa kasalukuyan? (Hindi.) Iniisip ng karamihan ng mga tao na: "Sa kasalukuyan, mayroon akong pirmihang tungkulin; kasalukuyan akong nag-aaral at naghahanap na mabuti ng isang pirmihang propesyon at kadalubhasaan, kaya't walang kinalaman sa akin ang pagpapalaganap ng ebanghelyo." Anong uri ng saloobin ito? Ito'y saloobin ng pag-iwas sa tungkulin at misyon, at ito'y saloobin ng pagiging negatibo patungkol sa tungkulin ng pagpapalaganap ng ebanghelyo. Kapag hindi tinatanggap ng mga tao ang pasanin at hindi nagmamalasakit sa pagpapalaganap ng ebanghelyo ng pagliligtas ng Diyos sa tao, sa tagubiling ito, naghahayag ba sila ng budhi o pagkatao? Kung hindi ka masigasig o maagap sa pakikipagtulungan, nagpapalawig ng iyong

pagsasaalang-alang, o nananagot, nagiging negatibo ka lamang at walang ginagawa. Hindi maipapayo ang saloobing ito. Kahit nasaan ka man o anumang tungkulin ang iyong ginagawa, at anumang propesyon o kadalubhasaan ang sangkot sa iyong tungkulin, ang isa sa pinakamahalaga sa lahat ng mga bunga ng iyong gawain ay ang maipalaganap at magpatotoo sa ebanghelyo ng gawain ng Diyos sa ikaliligtas ng sangkatauhan. Ito ang pinakamaliit na magagawa ng isang nilalang.

Hinango mula sa “Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (1)” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sa pagpapalaganap ng ebanghelyo, dapat mong tuparin ang iyong pananagutan na masigasig na makitungo sa sinumang babahaginan mo nito. Hindi mo dapat na basta na lamang lampasan ang sinuman. Nangangahulugan ito na dapat ay matapat mong hangarin na maunawaan ang bawat tao na binabahaginan mo ng ebanghelyo. Kung nakaayon sila sa mga prinsipyo ng pagpapalaganap ng ebanghelyo, dapat mong subukan na mahikayat sila. Paano mo sila mahihikayat? Dapat mong isipin ang lahat ng posibleng paraan upang matupad ang iyong pananagutan, dapat mong gawin ang mga bagay anuman ang maging kabayaran nito, at dapat mong gamitin ang ilang mga pamamaraan. Sa madaling salita, ang dapat na magpalakas sa iyo ay ang pagtupad ng iyong mga pananagutan, nang buong puso, sa paraang magpapanatili ng kalinisan ng iyong konsensya. Pagkatapos ng sampu o dalawampung taon, kapag naalala mo ang isang tao na nabahaginan mo ng ebanghelyo, mararamdaman mo na nagamit mo ang lahat ng iyong lakas at, kahit hindi nila ito tinanggap, magkakaroon ka ng malinis na konsensya. Kung, sa puso mo, nararamdaman mo pa ang pagkabalisa, na dapat ay nagawa mo silang himukin, ngunit nawala mo ang pinagtutuunan mong bahaginan ng ebanghelyo dahil sa iyong panandaliang pagpapabaya o katamaran, o dahil sa panandaliang pakiramdam o katigasan ng ulo, o dahil hindi mo kinuha ang pagkakataon, ito ay magiging mantsa na dudungis sa iyo. Dahil nadungisan ka, ikaw ba

ngayon ay kinukondena ng Diyos? Hindi naman aabot ang Diyos sa pagkondena sa iyo dahil sa isang maliit na usaping ito. Hindi Niya ito palalakihin, ngunit kung ilalagay ang usaping ito sa wastong lugar sa pamamagitan ng pagsukat dito ayon sa katotohanan, ang pinakamaliit na bunga nito ay ang hindi mo pagtupad sa iyong pananagutan, at ito ang magiging hatol ng Diyos. Hindi ito maituturing na pagkondena, ngunit hahatulan ng Diyos ang iyong mga paglabag at kasalanan. Samakatwid, upang mabawasan o maiwasan ang ganitong mga uri ng pagkakamali, dapat ay magkaroon ang mga tao ng higit na aktibong paraan ng pakikitungo sa bawat makakatagpo nila na maaaring pagtuunan ng pagbabahagi ng ebanghelyo. Kung paulit-ulit na nagtatanong ang pinagtutuunan mong bahaginan ng ebanghelyo, paano ka dapat sumagot? Hindi mo dapat pansinin pa ang oras at abala upang sagutin sila, pag-isipan ang bawat posibleng paraan na makapagbibigay ng kasagutan sa kanilang katanungan, hanggang sa maunawaan nila ito at hindi na muli pang magtanong. Sa gayon ay natupad mo ang iyong pananagutan, at magiging malaya sa pagkakonsensya ang iyong puso. Ibig bang sabihin nito ay pagiging malaya sa pagkakonsensya sa kanila? Hindi. Magiging malaya ka sa pagkakonsensya sa Diyos, dahil ang tungkuling ito, ang pananagutang ito, ay ipinagkatiwala sa iyo ng Diyos. Kung ang bawat ginagawa mo ay ginagawa sa harap ng Diyos, ginagawa nang kaharap ang Diyos, kung ginagawa ang lahat nang naaayon sa salita ng Diyos, ayon sa katotohanang prinsipyo, tataas ang antas ng pamantayan sa iyong kalooban. Sasang-ayunan at madaling tatanggapin ng mga tao ang mga bagay na ginagawa mo at mga salitang sinasabi mo kapag tumaas ang iyong mga pamantayan. Kung ang mga salitang sinasabi mo ay nagbibigay liwanag at praktikal, maiiwasan mo ang pakikipagtalo at komprontasyon, at, habang ginagawa mo ito, magagawa mong patatagin ang iba. Magagawa mo ring iwasan ang negatibong impluwensiya sa pagpapatotoo at pagpapalaganap ng ebanghelyo.

Hinango mula sa “Ang Pagpapalaganap sa Ebanghelyo ay Tungkuling Dapat Tuparin ng Lahat ng Mananampalataya” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang pagpapalaganap ng ebanghelyo ay tungkulin at obligasyon ng lahat. Anumang oras, anuman ang ating marinig, o makita, o anumang klase ang pagtrato sa atin, kailangang palagi tayong manindigan sa responsibilidad na ito na ipalaganap ang ebanghelyo. Anuman ang sitwasyon, hindi natin dapat isuko ang tungkuling ito dahil sa pagiging negatibo o sa kahinaan. Ang tungkuling ipalaganap ang ebanghelyo ay hindi maayos na pagsulong, kundi puno ng panganib. Kapag nagpalaganap ka ng ebanghelyo, hindi ka haharap sa mga anghel, o mga taga-ibang planeta, o mga robot. Haharap ka lamang sa masama at tiwaling sangkatauhan, sa buhay na mga demonyo, sa mga halimaw—lahat sila ay mga taong nabubuhay sa masamang kalawakang ito na lubhang nagawang tiwali ni Satanas at lumalaban sa Diyos. Samakatuwid, sa proseso ng pagpapalaganap ng ebanghelyo, tiyak na naroon ang lahat ng uri ng panganib, maliban pa sa walang-halagang paninirang-puri, panunuya, at di-pagkakaunawaan, at marami pang katulad nito. Kung ang pagpapalaganap ng ebanghelyo ay talagang itinuturing mong isang responsibilidad, isang obligasyon, at iyong tungkulin, magagawa mong ituring nang tama ang mga bagay na ito at mapamahalaan pa nang tama ang mga ito, at hindi mo isusuko ang iyong responsibilidad at iyong obligasyon, ni hindi ka lilihis mula sa iyong orihinal na layunin na ipalaganap ang ebanghelyo at magpatotoo tungkol sa Diyos dahil sa mga bagay na ito, sapagkat ito ang tungkulin mo. Paano dapat unawain ang tungkuling ito? Ang kahalagahan at pangunahing responsibilidad ng buhay na ito na iyong ipinamumuhay ay ipalaganap ang mabuting balita ng gawain ng Diyos sa mga huling araw at ipalaganap ang ebanghelyo ng gawain ng Diyos.

Hinango mula sa “Ang Pagpapalaganap sa Ebanghelyo ay Tungkuling Dapat Tuparin ng Lahat ng Mananampalataya” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung kinikilala mo na isa kang nilikha, dapat mong ihanda ang iyong sarili na magdusa at magbayad ng halaga alang-alang sa pagtupad ng pananagutang ipalaganap ang ebanghelyo at alang-alang sa maayos na

pagganap sa iyong tungkulin. Maaaring ang kabayaran ay ang pagdanas ng ilang pisikal na karamdaman o paghihirap, o ang mga pag-uusig na nanggagaling sa iyong kapaligiran o ang mga maling pagkaunawa ng mga makamundong tao, gayundin ang mabugbog, mapagalitan, at talikdan ng mga pinagtutuunan ng ebanghelyo; o, sa pinakamalalalang kaso, maaaring malagay sa panganib ang iyong buhay. Posible, habang nagpapalaganap ng ebanghelyo, na mamamatay ka bago matapos ang gawain ng Diyos, at na hindi ka na mabubuhay upang masilayan ang araw ng kaluwalhatian ng Diyos. Dapat kang maging handa rito. Hindi ito para takutin kayo; ito ay katotohanan. Gayunpaman, ngayong nagawa Ko nang linawin ito, at naunawaan na ito, kung taglay pa rin ninyo ang paghahangad na ito, at hindi pa ito nagbago, nagpapatunay ito na taglay ninyo ang isang tiyak na tayog. Huwag ipagpalagay na magiging ligtas sa panganib ang pagpapalaganap ng ebanghelyo sa ibayong mga bansang ito na may mga kalayaan sa relihiyon at mga karapatang pantao at magiging maayos ang lahat ng gagawin mo, lahat ay may mga pagpapala ng Diyos at kasama ng Kanyang dakilang kapangyarihan at awtoridad; isang bagay ito na nagmumula sa imahinasyon ng tao. Hindi mo maipalalaganap ang ebanghelyo nang walang karunungan, at madalas na sumasapit ang mga kapahamakan sa mga mangmang. Naniwala rin sa Diyos ang mga Fariseo, ngunit dinakip nila ang Diyos na nagkatawang-tao at ipinako Siya sa krus. Iniisip mo ba na hindi gagawa ng ganoong bagay ang daigdig ng relihiyon ngayon? Huwag kalimutan na mga mananampalataya ang dumakip sa Panginoong Jesus at nagpako sa Kanya sa krus. Sila lang ang may pagkakataong gawin ang ganitong uri ng bagay. Walang pakialam sa gayong mga bagay ang mga di-mananampalataya. Ang mga mananampalatayang ito ang nakipagsabwatan sa pamahalaan upang dakpin ang Panginong Jesus at ipako Siya sa krus. Bukod pa rito, paano namatay ang mga disipulo? Sa mga disipulo, may mga pinukol ng bato, ipinakaladkad sa kabayo, ipinakong patiwarik, pinaghiwa-hiwalay ng limang kabayo ang katawan—sinapit nila ang lahat ng uri ng kamatayan. Ano ang dahilan ng kanilang kamatayan? Naaayon ba sa batas ang pagpatay sa

kanila dahil sa kanilang mga krimen? Sila ay kinondena, binugbog, kinagalitan, at pinatay dahil ipinalalaganap nila ang ebanghelyo ng Panginoon at tinanggihan ng mga tao ng mundo—ganyan kung paano sila minartir. Huwag nating pag-usapan ang pangwakas na katapusan ng mga martir na iyon, o ang pagpapakahulugan ng Diyos sa kanilang gawi, bagkus ay itanong ito: Nang sumapit sila sa kawakasan, umayon ba sa mga kuro-kuro ng tao ang paraan ng pagsapit nila sa kawakasan ng kanilang mga buhay? Mula sa pananaw ng mga kuru-kuro ng tao, kung nagbayad sila ng ganitong uri ng kabayaran upang ipalaganap ang gawain ng Diyos, dapat ay tumanggap sila kahit papaano ng mabuting kamatayan. Ngunit kalunos-lunos na namatay ang mga taong ito bago ang kanilang oras. Hindi ito umaayon sa mga kuru-kuro ng tao, ngunit sadyang ganyan ang ginawa ng Diyos na—tinulutan ng Diyos na maganap ito. Anong katotohanan ang matatamo sa pagpapahintulot ng Diyos na maganap ito? Ang pagpapahintulot ba ng Diyos na mamatay sila sa ganitong paraan ay sumpa at pagkondena Niya, o ito ba ay Kanyang plano at pagpapala? Kapwa hindi. Ano ito? Pinagninilayan ng mga tao ngayon ang kanilang kamatayan nang may labis na dalamhati, ngunit ganoon ang mga bagay-bagay noon: Namatay sa ganoong paraan ang mga naniwala sa Diyos, at ipinagdadalamhati ito ng mga tao. Paano ito ipaliliwanag? Kapag tinalakay natin ang paksang ito, ilagay ninyo ang inyong mga sarili sa kanilang katayuan; malungkot ba ang inyong mga puso, at may nararamdaman ba kayong nakatagong kirot? Iniisip ninyo, “Tinupad ng mga taong ito ang kanilang tungkuling maipalaganap ang ebanghelyo ng Diyos at dapat ituring na mabubuting tao, kaya’t paano sila umabot sa gayong wakas, sa gayong kahihinatnan?” Ang totoo, ganito namatay ang kanilang mga katawan at sumakabilang-buhay; ito ang paraan nila ng paglisan sa mundo ng tao, ngunit hindi nangangahulugan iyon na magkakatulad ang kanilang kinahinatnan. Ang paraan ng kanilang kamatayan at paglisan, kung ano man ito o kung paano man ito naganap, ay hindi ang paraan ng Diyos ng pagtukoy sa pangwakas na mga kahihinatnan ng mga buhay na iyon, ng mga nilikhang iyon. Ito ay isang bagay na dapat mong malinaw na makita.

Sa kabaligtaran, ginamit nila mismo ang mga kaparaanang iyon upang kondenahin ang mundong ito at upang magpatotoo sa mga gawa ng Diyos. Ginamit ng mga nilikhang ito ang kanilang buhay na pinakamahalaga sa lahat—ginamit nila ang huling sandali ng kanilang buhay upang magpatotoo sa mga gawa ng Diyos, upang magpatotoo sa dakilang kapangyarihan ng Diyos, at upang ipahayag kay Satanas at sa mundo na tama ang mga gawa ng Diyos, na ang Panginoong Jesus ay Diyos, na Siya ang Panginoon, at ang nagkatawang-ta0ng laman ng Diyos; hanggang sa huling sandali ng kanilang buhay, hindi nila kailanman itinatwa ang pangalan ng Panginoong Jesus. Hindi ba ito isang anyo ng paghatol sa mundong ito? Ginamit nila ang kanilang mga buhay upang ipahayag sa mundo, upang tiyakin sa mga tao na ang Panginoong Jesus ay ang Panginoon, na ang Panginoong Jesus ay Cristo, na Siya ang katawang-tao ng Diyos, na ang gawain ng pagtubos na isinagawa Niya para sa buong sangkatauhan ay nagpapahintulot sa sangkatauhan na patuloy na mabuhay—hindi nagbabago ang katotohanang ito magpakailanman. Hanggang sa anong punto nila tinupad ang kanilang tungkulin? Hanggang sa pinakahuling punto ba? Paano naipakita ang pinakahuling punto? Buhay nila ang kanilang naging kabayaran. Pawang panlabas na mga bagay ang pamilya, kayamanan, at ang materyal na mga bagay sa buhay na ito; buhay ang tanging bagay na nakapaloob sa sarili. Sa bawat nabubuhay na tao, ang buhay ang bagay na pinaka-karapat-dapat na pakaingatan, ang pinakamahalagang bagay at, tulad ng nangyayari, nagawa ng mga taong ito na ialay ang pinakamahalagang pagmamay-ari nila—ang buhay—bilang patunay, kapalit ng pagkilala ng mga makamundong tao sa gawain ng Diyos. Hanggang sa araw na sila ay mamatay, hindi nila itinatwa ang pangalan ng Diyos, at hindi rin nila itinatwa ang gawain ng Diyos, at ginamit nila ang kanilang huling sandali ng buhay upang magpatotoo sa pag-iral ng katotohanang ito—hindi ba ito ang pinakamataas na anyo ng patotoo? Ito ang pinakamahusay na paraan ng pagtupad ng isang pagtupad ng isang tao sa kanyang pananagutan. Nang pagbantaan at takutin sila ni Satanas, at, sa huli, kahit pa nang ipabayad sa kanila ang kanilang mga buhay, hindi

nila tinakasan ang kanilang pananagutan. Ito ang kahulugan ng pagtupad ng isang tao sa tungkulin hanggang sa pinakasukdulang punto. Ano ang ibig Kong sabihin dito? Ibig Ko bang sabihin na gamitin ninyo ang ganoon ding paraan upang magpatotoo sa Diyos at upang maipalaganap ang ebanghelyo? Sadyang hindi kinakailangang gawin mo ang ganoon, ngunit dapat mong maunawaan na ito ay iyong pananagutan, na kung kinakailangan ng Diyos na gawin mo ito, dapat mo itong tanggapin bilang isang obligasyong moral. May takot at pag-aalala sa kalooban ang mga tao ngayon, ngunit anong silbi ng mga damdaming iyon? Kung hindi kailangan ng Diyos na gawin mo ito, para saan ang pag-aalala tungkol dito? Kung kailangan ng Diyos na gawin mo ito, hindi ka dapat umiwas o tumanggi sa pananagutang ito. Dapat kang maagap na makipagtulungan at tanggapin ito nang walang pag-aalala. Paano man mamatay ang isang tao, hindi siya dapat mamatay sa harap ni Satanas, at hindi mamatay sa mga kamay nito. Kung mamamatay ang isang tao, dapat siyang mamatay sa mga kamay ng Diyos. Nagmula sa Diyos ang mga tao, at sa Diyos sila magbabalik—gayon ang pakiramdam at saloobing dapat taglayin ng isang nilikha. Ito ang panghuling katotohanang dapat unawain ng isang tao sa pagtupad sa kanyang tungkulin ng pagpapalaganap sa ebanghelyo—buhay ang magiging kabayaran ng sinuman upang maipalaganap at magpatotoo sa ebanghelyo ng Diyos na nagkatawang-tao na tumutupad sa Kanyang gawain at nagliligtas sa sangkatauhan. Kung may ganito kang paghahangad, kung makakamit mo ito, kahanga-hanga iyon. Kung hindi ka pa rin nagtataglay ng ganitong uri ng paghahangad, kahit paano ay dapat mong maayos na tuparin ang pananagutan at tungkuling nasa harapan mo, na ibinibigay sa Diyos ang natitira. Sa gayon marahil, habang lumilipas ang mga buwan at mga taon at dumarami ang iyong karanasan at nagkaka-edad, at lumalalim ang iyong pagkaunawa sa katotohanan, matatanto mo na mayroon kang obligasyon at pananagutang ialay ang iyong buhay sa gawain ng ebanghelyo ng Diyos, maging hanggang sa dulo ng iyong buhay.

Hinango mula sa “Ang Pagpapalaganap sa Ebanghelyo ay Tungkuling Dapat Tuparin ng Lahat

82. Ang Mga Prinsipyo sa Pagdidilig sa Mga Bagong Dating

(1) Kinakailangan munang linawin, sa pamamagitan ng pagbabahagi, ang mga katotohanan ukol sa mga pangitain, upang maakay ang mga bagong dating na malaman ang gawain ng Diyos at magkaroon sila ng tunay na pananampalataya sa Kanya, sa gayon ay nakabubuo ng pundasyon;

(2) Dapat pakitunguhan ng tao ang mga mga bagong dating nang may pagmamahal at pasensya, at dapat magbahagi sa kanila ng katotohanan upang malutas ang mga problema nila nang naaayon sa mga salita ng Diyos sa pamamagitan ng pagpupuntirya sa iba’t-iba nilang kuro-kuro at kahadlangan;

(3) Una, dapat mong tukuyin kung alin sa mga bagong dating ang may tunay na pananampalataya sa Diyos at umiibig sa katotohanan. Tumuon ka sa pagdidilig at pagsususten to roon sa may mabubuting kakayahan, at sa paglilinang at pagsasanay sa kanila;

(4) Kinakailangang sanayin yaong mga may talento sa pagpapalaganap ng ebanghelyo upang matutuhan nilang magbahagi ng mga katotohanan ukol sa mga pangitain, maunawaan ang mga prinsipyo ng ebanghelismo, at ipalaganap ang ebanghelyo at magpatotoo para sa Diyos.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Kailangan ninyong malaman ang mga pangitain ng gawain ng Diyos at maintindihan ang pangkalahatang direksyon ng Kanyang gawain. Ito ay positibong pagpasok. Kapag naisaulo na ninyo nang tumpak ang katotohanan ng mga pangitain, magiging sigurado ang iyong pagpasok; paano man magbago ang gawain ng Diyos, mananatiling matatag ang iyong puso, magiging malinaw sa iyo ang mga pangitain, at magkakaroon ng layunin ang iyong pagpasok at iyong pinagsisikapan. Sa ganitong

paraan, lahat ng karanasan at kaalaman sa iyong kalooban ay mas lalalim at magiging mas detalyado. Kapag naintindihan mo na ang mas malaking larawan sa kabuuan nito, hindi ka daranas ng anumang mga kawalan sa buhay, ni hindi ka maliligaw ng landas. Kung hindi mo malalaman ang mga hakbang na ito ng gawain, daranas ka ng kawalan sa bawat hakbang, at aabutin ka ng ilang araw para makabawi, ni hindi mo magagawang tumahak sa tamang landas kahit sa loob ng dalawang linggo. Hindi ba ito magsasanhi ng mga pagkaantala? Napakaraming hadlang sa positibong pagpasok at pagsasagawang kailangan mong maisaulo. Patungkol sa mga pangitain ng gawain ng Diyos, kailangan mong maintindihan ang sumusunod na mga punto: ang kahalagahan ng Kanyang gawain ng panlulupig, ang landas tungo sa pagiging perpekto sa hinaharap, ano ang kailangang makamtan sa pamamagitan ng pagdanas ng mga pagsubok at pagdurusa, ang kabuluhan ng paghatol at pagkastigo, ang mga prinsipyo sa likod ng gawain ng Banal na Espiritu, at ang mga prinsipyo sa likod ng pagiging perpekto at paglupig. Lahat ng ito ay nabibilang sa katotohanan ng mga pangitain. Ang iba pa ay ang tatlong yugto ng gawain sa Kapanahunan ng Kautusan, sa Kapanahunan ng Biyaya, at sa Kapanahunan ng Kaharian, gayundin sa patotoo sa hinaharap. Ang mga ito ay katotohanan din tungkol sa mga pangitain, at ang mga ito ang pinakapangunahin at ang pinakamahalaga rin.

Hinango mula sa “Ang Pagkakaiba sa Pagitan ng Ministeryo ng Diyos na Nagkatawang-tao at ng Tungkulin ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Alam ba ninyo kung ano ang dapat ninyong taglayin ngayon? Ang isang aspeto noon ay may kinalaman sa mga pangitain tungkol sa gawain, at ang isa pang aspeto ay ang iyong pagsasagawa. Dapat mong maunawaan ang parehong aspetong ito. Kung wala kang mga pangitain sa iyong pakikipagsapalaran para umunlad sa buhay, hindi ka magkakaroon ng pundasyon. Kung mga daan lang ng pagsasagawa ang taglay mo, nang wala ni katiting na pangitain, at walang anumang pagkaunawa tungkol sa gawain ng buong plano ng pamamahala, wala kang kwenta. Kailangan

mong maunawaan ang mga katotohanan na may kinalaman sa mga pangitain, at tungkol naman sa mga katotohanang may kaugnayan sa pagsasagawa, kailangan mong makakita ng mga angkop na landas ng pagsasagawa pagkatapos mong maunawaan ang mga iyon; kailangan mong magsagawa nang naaayon sa mga salita, at pumasok ayon sa iyong mga kondisyon. Ang mga pangitain ang pundasyon, at kapag hindi mo binigyang-pansin ang katotohanang ito, hindi ka makakasunod hanggang sa huli; ang makaranas sa ganoong paraan ay magliligaw sa iyo o magsasanhi sa iyong madapa at mabigo. Hinding-hindi ka magtatagumpay! Ang mga taong hindi mga dakilang pangitain ang mga pundasyon ay maaari lamang mabigo; hindi sila makapagtatagumpay. Hindi mo kayang manindigan! Alam mo ba kung ano ang kalakip ng paniniwala sa Diyos? Alam mo ba kung ano ang ibig sabihin ng pagsunod sa Diyos? Kung walang mga pangitain, anong landas ang iyong lalakaran? Sa gawain sa kasalukuyan, kung wala kang mga pangitain, hinding-hindi ka magagawang ganap. …

Kapag nagkaroon na ng mga pangitain ang mga tao, may pundasyon na sila. Kapag nagsasagawa ka batay sa pundasyong ito, mas magiging madali ang pagpasok. Dahil dito, hindi ka magkakaroon ng mga alinlangan sa sandaling magkaroon ka ng pundasyon sa pagpasok, at magiging napakadali para sa iyo ang pumasok. Ang aspetong ito ng pag-unawa sa mga pangitain at ng pag-unawa sa gawain ng Diyos ay napakahalaga; kailangan mayroon kayo nito sa inyong imbakan. Kung wala sa iyo ang aspetong ito ng katotohanan, at kaya mo lang makipag-usap tungkol sa mga daan ng pagsasagawa, ikaw ay magiging labis na depektibo. Aking natuklasan na marami sa inyo ang hindi binibigyang-diin ang aspetong ito ng katotohanan, at kapag pinakikinggan ninyo ito, tila mga salita at doktrina lang ang pinakikinggan ninyo. Isang araw, ikaw ay mawawalan. May mga pahayag ngayon na hindi mo lubos na nauunawaan at hindi mo tinatanggap; sa gayong mga kaso, dapat kang matiyagang maghanap, at darating ang araw kung kailan iyong mauunawaan. Unti-unti mong sangkapan ang iyong sarili ng parami nang paraming pangitain. Kahit

kaunting espirituwal na doktrina lang ang nauunawaan mo, mas mabuti pa rin iyon kaysa sa hindi pagbibigay-pansin sa mga pangitain, at mas mabuti pa rin iyon kaysa sa walang kahit anong nauunawaan. Lahat ng ito ay makatutulong sa iyong pagpasok, at aalisin ang iyong mga pag-aalinlangan. Mas mabuti iyon kaysa sa mapuno ka ng mga pagkaunawa. Mas mapapabuti ka kung ang mga pangitaing ito ang iyong pundasyon. Hindi ka magkakaroon ng anumang pag-aalinlangan, at magagawa mong pumasok nang matapang at malakas ang loob. Bakit ka mag-aabalang palaging sumunod sa Diyos sa gayong lito at nag-aalinlangang paraan? Hindi ba't pareho lang iyon sa pagbubulag-bulagan? Anong sarap maglakad papasok sa kaharian nang may kumpiyansa at lakas ng loob! Bakit kailangang mapuno ng pag-aalinlangan? Hindi ba't pinagdurusa mo lang nang labis ang sarili mo? Kapag nagkamit ka na ng pagkaunawa sa gawain ni Jehova, sa gawain ni Jesus, at sa yugtong ito ng gawain, magkakaroon ka ng pundasyon.

Hinango mula sa "Kailangan Ninyong Maunawaan ang Gawain—Huwag Kayong Sumunod Nang May Pagkalito!" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Upang makipag-ugnayan sa gawain ng pagliligtas ng Diyos sa sangkatauhan sa mga huling araw, ang mga pinuno at mga manggagawa sa lahat ng antas ng iglesia ay dapat na galingan sa pagdidilig ng mga bagong mananampalataya upang makapagtatag sila ng mabubuting pundasyon sa totoong daan sa lalong madaling panahon at makapasok sa tamang landas ng pananampalataya sa Diyos. Pagkatapos tanggapin ng mga bagong mananampalataya ang gawain ng Diyos, kung hindi sila naglalatag ng mabubuting pundasyon sa unang taon, magiging madali pa rin para sa kanila na malinlang ni Satanas at ng mga anticristo at maligaw patungo sa mapanganib na teritoryo. Kung magkakagayon, ang napakamahal na halagang binabayaran natin upang maipangaral ang ebanghelyo sa kanila ay lubos na masasayang lang. Bakit ang mga taong napalapit na sa Diyos ay malilinlang at mahihila pa ni Satanas? Hindi ito

dapat isisi sa kahinaan ng mga bagong mananampalataya. Lumilitaw ang sitwasyon na ito, unang-una, dahil ang mga pinuno ng lahat ng antas sa iglesia ay hindi nakatupad ng mabuti sa kanilang gawain ng pagtutustos at pagdidilig. Ito ang responsibilidad na hindi maiiwasan ng mga pinuno ng lahat ng antas ng iglesia. Ang lahat ng tao na naglilingkod sa Diyos ay minsan nang gumawa ng mga pagpapasya na magiging tapat sa Diyos, kusang-loob na gugugulin ang kanilang mga sarili para sa Diyos, at gagawin ang kalooban ng Diyos. Paano mapangyayari ang kalooban ng Diyos kung hindi man lang nila napapanatili ang mga taong nakapasok na sa bahay ng Diyos? Hindi ba ito panloloko at pandaraya sa Diyos? Kung hindi natutupad ng isang taong naglilingkod sa Diyos ang habilin ng Diyos at hindi nagagawa ang kalooban ng Diyos, paano niya kung gayon maaaring matamo ang pagpupuri ng Diyos at makakapasok sa Kanyang kaharian? Ano nga ba ang paggawa sa kalooban ng Diyos? Ang pinakapangunahin ay ang pagtulong sa lahat ng tumatanggap sa gawain ng Diyos upang tunay na maunawaan ang layunin ng pagliligtas ng Diyos sa sangkatauhan, maunawaan ang lahat ng katotohanang ipinahayag ng Diyos, at makamtan ang totoong pagsunod at pagsamba sa Diyos. Nangangahulugan ito na naisakatuparan ang kalooban ng Diyos sa daigdig. Kung ganap na maitatalaga ng mga pinuno at mga manggagawa ng iglesia mula sa iba’t ibang antas ang kanilang mga sarili sa gawain ng pagliligtas ng Diyos at gagabayan ang Kanyang mga hinirang upang kumain at uminom ng Kanyang mga salita at tanggapin at magpasakop sa Kanyang paghatol at pagkastigo upang makapasok sa katotohanang realidad, kung gayon ang mga pinuno at manggagawang iyon ay magiging mga taong gumagawa ng kalooban ng Diyos. Samakatuwid, ang pagdidilig sa mga bagong mananampalataya upang mabilis silang makapagtatag ng matibay na pundasyon sa totoong daan at makapasok sa tamang landas sa kanilang pananampalataya ay ang pinakapangunahin at sentrong gawain ng bahay ng Diyos. Kasama sa mga katotohanang dapat na ipandilig sa mga bagong mananampalataya ang: ang katotohanan ng tatlong yugto ng gawain ng Diyos; ang katotohanan ng pagkakatawang-tao

ng Diyos; ang katotohanan ng mga pangalan ng Diyos; ang katotohanan ng mga pagkakaiba sa pagitan ng gawain ng Diyos at ng gawain ng tao; ang katotohanan ng pagkilala sa tunay na Cristo mula sa mga huwad na Cristo; ang katotohanan ng pagkilala sa gawain ng Banal na Espiritu at pagkilala sa gawain ng mga masasamang espiritu; ang katotohanan ng pagdadala ng mga salita ng Diyos sa totoong buhay; at ang katotohanan ng pagiging isang tapat na tao, atbp. Idilig ang mga katotohanang ito sa kaibuturan ng mga puso ng lahat ng katatanggap pa lamang sa gawain ng Diyos upang makapaglatag sila ng mabubuting pundasyon. Matitiyak nito na matatag silang makakapanatili sa totoong daan at hindi pagtataksilan o ipagkakaila ang Diyos maging anuman ang mga pagkagambalang maaari nilang makaharap mula kay Satanas ang diyablo. Tanging kapag nakamit lamang ng gawain ng isang tao ang ganitong resulta nila pinaglilingkuran ang Diyos alinsunod sa Kanyang kalooban at tunay na ginagawa ang kalooban ng Diyos.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Isa itong prinsipyo ng buhay iglesia: dapat na tratuhin ng espesyal ang mga kapatid na taos-pusong nananampalataya sa Diyos at naghahanap sa katotohanan. Mga bagong mananampalataya man sila o maraming taon nang naniniwala sa Diyos, dapat na may tunay na pag-ibig para sa kanila, alukin sila ng totoong tulong, at magkaroon ng diwa ng paghahandog sa kanila. Sa mga ordinaryong panahon, dapat na mas nakakapagbahagi sa kanila tungkol sa katotohanan upang maunawaan nila ang katotohanan sa lalong madaling panahon at lumago sa buhay. Para naman sa mga taong hindi hinahanap ang katotohanan, kung diniligan sila sa loob ng ilang panahon, at natuklasan na hindi nila iniibig ang katotohanan at walang interes dito, hindi na kailangan kung gayon ang gumugol ng mas maraming oras at pagsisikap sa kanila; hindi na kinakailangan ang ganoon, dahil natupad mo na ang iyong obligasyon at nagawa ang lahat ng kabutihang inaasahan mula sa iyo. Maaaring magkaroon ng ibang opinyon ang ilang

tao, at sabihin, “Ang mga taong hindi hinahanap ang katotohanan ay dapat lalo pang diligan at higit pang paglaanan; dapat kang mag-isip ng mga paraan upang mapahanap sa kanila ang katotohanan. Kasalungat nito, ang mga humahanap na sa katotohanan ay hindi na dapat alalahanin pa, dahil alam na nila kung paano maghanap.” Tama ba ang pananaw na ito? Hindi, hindi ito tama. Dapat mong kilalanin na nasa kalikasan ng mga taong hindi naghahanap sa katotohanan ang hindi ibigin ang katotohanan. Masasabing siyamnapung porsiyento ng mga hindi umiibig sa katotohanan ay mga patay na. Determinado ka bang buhaying muli ang patay? Paano mo naisip na makakaya mong gawin iyon? Kung nakasalubong ko ang isang patay na tao, mabilis akong lalayo. Kung hindi gumagawa sa isang tao ang Banal na Espiritu, walang maitutulong ang anumang gawin ninuman kung gayon. Mas mainam kung kukunin mo ang tanging katiting na pag-ibig na mayroon ka at ihandog ito sa Diyos, o ibigay sa mga kapatid na tunay na naghahanap sa katotohanan. Balintuna ang ilang tao at wala talagang ideya kung sino sila o kung gaano ang kakayahan nila; kung mas patay ang tao, mas higit nilang gustong iligtas ang taong iyon. Sa huli, inubos nila ang panahon sa pagsisikap na iligtas ang mga tao, ngunit hindi nakapagligtas ng kahit na sino. Dumadating sa puntong naaantala nila ang sariling pagpasok sa buhay, at wala pa ring nagdidilig sa mga kapatid na talagang naghahanap sa katotohanan, at ang kanilang paglago sa buhay ay bumagal. Hindi ba ito isang kaso ng pag-antala ng seryosong gawain? Kailangan mong tingnan kung aling mga tao itinutuon ng Banal na Espiritu ang Kanyang gawain. Ginagawa bang perpekto ng Diyos ang mga taong hindi hinahanap ang katotohanan? Kung maging ang Banal na Espiritu ay hindi gagawin iyon, bakit walang katuturang sasayangin ng mga tao ang kanilang oras para rito? Hindi ba ito isang halimbawa ng kamangmangan ng tao? Kaya, dapat kang magbigay ng mas higit na suporta sa mga kapatid na tunay na naghahanap sa katotohanan, sapagkat sila ang mga taong nauna nang itinalaga at pinili ng Diyos, at ang mga taong Kanyang ililigtas. Kung madalas kang nakapagbabahagi sa katotohanan kasama ang mga taong ito, nakaayon sa bawat isa sa parehong puso at isip,

umaalalay at nagbibigay para sa bawat isa, sa huli ay makakamit ninyong lahat ang kaligtasan. Kung hindi ka nakikisama sa mga taong ito, tinatalikuran mo kung gayon ang kalooban ng Diyos. Sa bawat iglesia ay mayroong iilang tao na naghahanap sa katotohanan; sila ang mga tao na pinagtutuunan ng gawain ng Banal na Espiritu. Sila ang sentro ng iglesia. Paano nagsisimula ang sentro ng iglesia? Kung sinuman ang mga taong pinagtutuunan ng Banal na Espiritu ay ang mga tao na nagiging sentro ng iglesia. Kung madidiligan mo ang mga taong ito, maging sanhi ng paglago ng kanilang mga katayugan, at mapapatahak sila sa tamang landas sa pananampalataya sa Diyos, ang pagtupad mo ng iyong tungkulin ay magiging sapat at nakaayon sa kalooban ng Diyos. Kung hindi mo pagtutuunan ang pagdidilig sa mga taong ito, at basta na lang silang itatapon sa isang tabi at babalewalain, at pagkatapos ay higit na pagtutuunan ang pagliligtas sa mga walang espiritung bangkay na nabibilang kay Satanas at ang mga taong hindi naunang itinalaga at pinili ng Diyos, silang mga tagapagsilbi, pinapatunayan nito kung gayon na umaawit ka ng ibang tono kaysa sa Diyos; ginagambala mo ang Kanyang gawain, hindi nakikipagtulungan sa gawain ng Banal na Espiritu, at hindi natamo ang mga kritikal na punto sa iyong trabaho.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

83. Ang Mga Prinsipyo sa Pagpapatuloy sa Mga Hinirang na mga Tao ng Diyos

(1) Ang mga hinirang na tao ng Diyos ay dapat patuluyin nang may pagmamahal at may mga prinsipyo, at sa pagpapasakop sa pagsasaayos ng iglesia. Huwag kailanman magpatuloy ng mga anticristo, masasamang tao, o masasamang espiritu;

(2) Sa mga panahon ng paghihirap, ang mga lider at manggagawa, pati na ang mga kapatid, ay dapat na panatilihing ligtas. Ito ay isang responsibilidad, at isa rin itong mabuting gawa;

(3) Dapat gawin ng isang sambahayan ang makakaya nila nang naaangkop sa kanilang kabuhayan, na ang hangad ay kapayakan at

kaalwanan. Ipinagbabawal kumain at uminom nang walang pagpipigil; sa halip, magabayan ng prinsipyo ng pagpapahintulot sa ibang kumain hanggang sa sila ay mabusog;

(4) Kung makatagpo ng mga problema ang isang nag-anyayang sambahayan, dapat lutasin ng iglesia ang mga iyon; kung may mga problemang pinansyal ang isang nag-anyayang sambahayan, maaring akuin ng iglesia ang buong gastusin ng handaan.

Mga Talata ng Biblia para Sanggunian:

"Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang tumatanggap sa sinoman sinusugo ko ay ako ang tinatanggap; at ang tumatanggap sa akin ay tinatanggap ang nagsugo sa akin" (Juan 13:20).

"Ang tumatanggap sa isang propeta dahil sa pangalan ng propeta ay tatanggap ng ganti ng isang propeta: at ang tumatanggap sa isang taong matuwid dahil sa pangalan ng isang taong matuwid ay tatanggap ng ganti ng isang taong matuwid" (Mateo 10:41).

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang mga alituntunin ba na dapat mong maunawaan at ang mga katotohanan na dapat mong gawin ay pareho kahit na anong tungkulin ang iyong ginagawa? Hilingin man sa iyo na maging pinuno o manggagawa, o kung nagluluto ka man ng mga putahe bilang punong-abala, o kung hiniling man sa iyong alagaan ang ilang bagay sa labas ng simbahan o gumawa ng pisikal na paggawa, ang mga prinsipyong namamahala sa lahat ng mga tungkuling ito ay umiikot sa katotohanan. Ano ngayong ang pinakamalaki at ang pangunahin sa mga prinsipyong ito? Upang maisagawa nang maayos ang iyong mga tungkulin at upang matugunan ang mga kinakailangang pamantayan sa paggawa nito, dapat mong malaman kung ano ang tungkulin. Ano ba talaga ang tungkulin? Ito ba ay ang iyong sariling karera? Tama bang gawin ang iyong tungkulin na parang ito ang iyong karera, iniisip, "Kailangan kong gawin ito nang maayos upang makita ng mga tao kung gaano ako kahusay at katagumpay, at magkakaroon pagkatapos ng kahulugan ang aking buhay"? (Hindi ito tama.) Maraming tao ang hindi

alam kung ano talaga ang tungkulin, at ang pangitaing ito ay dapat malinawan ngayon. Ano ang tungkulin? Hindi mo pinamamahalaan ang tungkulin—hindi mo ito sariling tungkulin o sarili mong gawain; sa halip, gawain ito ng Diyos. Hinihingi ang iyong pakikipagtulungan sa gawain ng Diyos, na siyang humahantong sa iyong tungkulin. Tungkulin niya ang bahagi ng gawain ng Diyos kung saan kailangan ang pakikipagtulungan ng tao. Bahagi ng gawain ng Diyos ang tungkulin—hindi mo ito tungkulin, hindi mo gawaing bahay ni hindi mo rin pansariling alalahanin sa buhay. Maging ang iyong tungkulin ay paghawak sa panlabas o panloob na gawain, gawain ito ng tahanan ng Diyos, bumubuo ito sa isang bahagi ng panukala ng pamamahala ng Diyos, at ito'y tagubiling ibinigay sa iyo ng Diyos. Hindi mo ito pansariling negosyo. Kung gayon, paano mo dapat tratuhin ang iyong tungkulin? Kaya't hindi maaaring gampanan mo ang iyong tungkulin sa kahit anong paraang nais mo. …

Anumang tungkulin ang iyong tinutupad, dapat mong palaging hangaring arukin ang kalooban ng Diyos at unawain kung ano ang Kanyang mga ipinagagawa sa iyong tungkulin; saka mo lamang maisasagawa ang mga bagay-bagay sa isang maprinsipyong paraan. Sa pagganap sa iyong tungkulin, hindi ka talaga maaaring sumunod sa iyong personal na mga kagustuhan, sa paggawa lamang ng anumang gusto mong gawin, anumang magpapasaya sa iyo at komportable kang gawin, o anumang makakaganda sa iyo. Kapag puwersahan mong iginiit ang iyong mga kagustuhan sa Diyos o isinasagawa ang iyong mga kagustuhan na parang ang mga ito ang katotohanan, sinusunod ang mga ito na parang mga katotohanang prinsipyo, kung gayon hindi iyan pagtupad sa iyong tungkulin at ang pagganap sa iyong tungkulin sa ganitong paraan ay hindi maaalala ng Diyos.

Hinango mula sa "Tanging sa Paghahanap ng Mga Prinsipyo ng Katotohanan Nagagampanan nang Maigi ng Isa ang Kanyang Tungkulin" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

6. Dapat mong gawin ang nararapat gawin ng tao, at isakatuparan ang iyong mga obligasyon, at tuparin ang iyong mga responsibilidad, at

manangan sa iyong tungkulin. Yamang nananalig ka sa Diyos, dapat kang gumawa ng iyong kontribusyon sa gawain ng Diyos; kung hindi, hindi ka karapat-dapat na kumain at uminom ng mga salita ng Diyos, at hindi ka karapat-dapat na manirahan sa sambahayan ng Diyos.

Ang Ikaanim na Atas ay may kaugnayan sa mga tungkulin ng tao. Anuman ang iyong nakaraang pagpasok sa buhay o kung ano ang kinahantungan ng iyong personal na paghahangad, at anuman ang iyong kakayahan o pagkatao, kung may iniaatas sa iyo ang gawain ng iglesia, gaano man katindi ang hirap, dapat mo iyong gawin; kung hindi, hindi ka nababagay na manatili sa bahay ng Diyos—ang bahay ng Diyos ay hindi nagpapatira nang libre! Wala masyadong hinihingi ang bahay ng Diyos sa tao: hindi nito hinihingi na ikaw ay may mahusay na kakayahan, mabuting pagkatao, at magaling sa iyong trabaho nang sabay-sabay—ngunit, kahit papaano, ang iyong pag-uugali at paraan ng pagkilos ay kailangang katanggap-tanggap. Kailangan ikaw ay may kaunting takot sa Diyos, at magpakita ng kaunting pagpapasakop sa Kanya. Kung kahit iyon man lamang ay hindi mo magawa, dapat kang magmadaling umuwi at itigil ang pagpunta nang walang kahandaan sa bahay ng Diyos. Kung may kakayahan kang tuparin ang iyong tungkulin, subalit tumatanggi ka, at nais mo lamang manghuthot sa bahay ng Diyos, ito ba ay halimbawa ng isang taong taos-pusong naniniwala sa Diyos? Sa Aking pananaw, ang ganitong tao ay mabibilang na isang walang pananampalataya, at walang pinagkaiba sa hindi mananampalataya. Nakasusuya silang pagmasdan! Kung nais mong maniwala sa Diyos, dapat na gawin mo iyon nang wasto; kung ayaw mong maniwala, walang nagmamakaawa sa iyo na gawin ito. Sino ang nagsabi sa iyong maniwala? Ginawa mo iyon nang kusa. Kung hindi mo man lamang magawa ang ganoon kaliit na bagay, aba’y bakit ka pa nagsasalita tungkol sa paniniwala sa Diyos? Kung hindi mo kayang maging matuwid na tao, maging mabuting tao ka ng mundo, isang taong gumagawa ng kaunting kabutihan; kung maging iyon ay hindi mo magawa, isa kang walang kuwentang basura. Ayaw ng bahay ng Diyos ang walang kuwentang basura. Hindi ito tambakan ng basura—ang ganitong basura ay

walang silbi. Ang mga taong wala ni katiting na katotohanan ay kailangang alisin at palayasin! Kailangang huwag mo talagang gawin ang lahat ng mga kalapastanganang iyon; kailangan mong kumilos alinsunod sa mga prinsipyo. Kung sino man ang gagawa ng mga kalapastanganan at gagambalain o bubulabugin ang gawa ng bahay ng Diyos ay paaalisin at ganap na tatanggalin.

Hinango mula sa “Isang Panayam Tungkol sa mga Atas Administratibo ng Diyos sa Kapanahunan ng Kaharian” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ubod ng makasarili ang ilang tao—sukdulan ang pagkamakasarili—at kinakatawan nito ang kanilang kalikasan. May pagkamakasarili ang lahat, subalit may pagkakaiba. Kapag nakikihalubilo sa iba, nagagawa ng ilang tao na ingatan at alagaan sila, magmalasakit sa kanila, at maging maunawain sa kanila sa lahat ng bagay na kanilang ginagawa, samantalang hindi ganito ang iba. Isipin mo ang isang tao na talagang makasarili at na kapag ipinaghahanda ang kanyang mga kapatid, inilalagay ang pinakamagagandang bagay sa harapan ng kanyang pamilya. Lagi niyang ibinibigay ang pinakamasasarap na pagkain sa kanyang sariling pamilya, ngunit kapag bumibisita ang kanyang mga kapatid, binibigyan lamang niya ang mga ito ng maliliit na mga hain ng pagkaing mababa ang kalidad. Kapag dumating naman ang kanyang sariling mga kamag-anak, inihahanda niya ang pinakakomportableng pagsasaayos para sa kanila at inilalagay ang lahat ng bagay sa kaayusan. Gayunman, kapag bumibisita ang kanyang mga kapatid, pinatutulog niya ang mga ito sa sahig. Kapag nagkakasakit o nakararanas ng ilang iba pang paghihirap ang kanyang mga kapatid, hindi man lamang magawang mag-alala para sa kanila ang gayong tao, umaasta na para bang hindi niya napapansin. Iniisip niyang sapat nang pinayagan niya ang mga ito na magpalipas ng gabi kapag bumibisita sila. Walang pakialam o hindi nakararamdam ng malasakit sa iba ang ganoong mga tao kahit kaunti; sarili lamang nila at kanilang mga kamag-anak ang kanilang iniintindi. Ang makasariling kalikasan nilang ito ang siyang nagbibigay-katiyakan na ayaw nilang magmalasakit sa iba.

Nadarama nila na ang pagmamalasakit sa kapwa ay may kaakibat na pagkalugi at pagdaan sa maraming problema. Maaaring mangatwiran ang ilang tao, at sabihing, “Hindi alam ng isang makasariling tao kung paano maging maunawain sa iba.” Bakit kung gayon, napakabuti nila sa kanilang sariling mga kamag-anak at nagpapakita ng lubos na pagsasaalang-alang sa kanilang mga pangangailangan? Paano nila nalalaman kung ano ang kulang sa kanila mismo at kung ano ang angkop na suotin o kainin sa isang partikular na pagkakataon? Bakit hindi nila magawang maging ganoon para sa iba? Ang totoo niyan, nauunawaan nila ang lahat ng ito, subalit makasarili sila. Natutukoy ito ng kanilang kalikasan.

Hinango mula sa “Paano Malalaman ang Kalikasan ng Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Ang ilang tao, sa kabila ng pagiging kilalang-kilala sa pananampalataya sa Diyos, ay nakakaya pa ring makipagsapalaran sa pamamagitan ng pagpapatuloy at pangangalaga ng mga kapatid na nakalista bilang mga pinaghahanap at tinutugis para arestuhin. Ang ilang tao ay hindi kilala bilang mga mananampalataya, kung kaya kapag kumukupkop sila ng mga tao, hindi sila gaanong nanganganib; bukod pa roon, natutugunan din nila ang kondisyon ng kakayanang ipagtanggol ang ilang mga tumatakas na kapatid, ngunit ayaw lang nilang kupkupin ang mga ito dahil nag-aalala sila na ang paggawa ng ganoon ay magdadala ng problema sa kanila. Ang mga ganoong tao ba ay tagagawa ng mabubuting gawain? Hindi sila handang makipagsapalaran ng kahit kaunti man lang para sa pananampalataya sa Diyos. Ang taong ito ay sadyang makasarili at kasuklam-suklam, at may malisyosong pagkatao. Kaya, ang kanilang pananampalataya sa Diyos ay walang katuturan; lubos nilang hindi makukuha ang pagpupuri ng Diyos. Ang ilan pa nga sa inyo ay gustong maghintay hanggang pagkatapos ng pagbagsak ng malaking pulang dragon bago nila kupkupin ang mga tao, ngunit sa oras na iyon, hindi ka na kakailanganin. Huwag kang magbukas ng payong pagkatapos ng pag-ulan,

iyon ay walang kabuluhan! Ang Diyos ay matuwid. Hindi mo man lang mapilit ang iyong sarili na gawin ang kapiranggot na serbisyong ito, ngunit gusto mo pa ring makakuha ng mga pagpapala! Tigilan ang pangangarap ng gising! Anong mga uri ng mabubuting gawain ang pinaka-pinahahalagahan ng bahay ng Diyos? Sa kalakhang Tsina, maraming kapatid ang hinahabol at nakalista bilang mga pinaghahanap para arestuhin ng malaking pulang dragon, nang walang lugar upang pagtaguan. Nakayang ilagay sa panganib ng ilang kapatid ang kanilang mga sarili upang kupkupin sila at bigyan sila ng pangangalaga; ito ang mga uri ng taong tapat sa Diyos at makakakuha ng Kanyang mga pagpapala. Ang mabubuting gawain ay hindi nagmumula sa kung gaano nauunawaan ng tao ang katotohanan; ang mahalaga ay kung banal sila sa puso, kung isinasaalang-alang nila ang kalooban ng Diyos, at kung tunay silang may pag-ibig para sa Kanyang mga hinirang o wala. Ito ang pinakaimportanteng bagay.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

Ang ilang tao ay gumaganap ng tungkulin ng pagkukupkop ng ibang tao, at sa proseso, naisasagawa nila ang katotohanan at kinukupkop ang mga kapatid, habang may kaisipan ng pag-ibig at pagbibigay-kasiyahan sa Diyos sa buong panahong iyon. Sa huli, nakikita ng mga kapatid na iyon ang pag-ibig ng Diyos sa kanila, nakikita nila ang Kanyang habag para sa tao, nakikita nila ang totoong wangis ng tao na dapat nilang isabuhay at ang konsiyensiya at katuturang dapat taglayin ng mga tao, at natututunan nila kung paano kumilos ng wasto. Kahit na ang mga tagakupkop ay hindi man mga pinuno ng iglesia, nakakakuha ng marami-raming mga pakinabang ang iba mula sa kanila. Dahil ang mga tagakupkop na ito ay itinataguyod ang katotohanan, may kakayahan ng pagsasaalang-alang para sa kalooban ng Diyos, at iniibig Siya, nakakaya nilang maging mapagbatá at matiyaga sa kanilang mga kapatid. Anuman ang katiwaliang inihahayag ng mga kapatid, ang mga tagakupkop na ito ay hindi tutol sa kanila; palagi silang nananalangin sa Diyos, umaasa sa Diyos, itinataguyod

ang katotohanan upang makahanap ng kapasyahan, at nagagampanan pa rin ang kanilang mga tungkulin para sa iba—nakapagsasalamuha sa katotohanan at ibinabahagi ang kanilang sariling mga patotoong karanasanupang makinabang ang iba. Sa ganitong paraan, ang mga tungkulin na kanilang ginagampanan ay lubos na nakaayon sa kalooban ng Diyos, at sila mismo ay mga taong sumusunod din sa Kanyang kalooban.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

84. Ang Mga Prinsipyo sa Paghahanda ng Mabubuting Gawa

(1) Gawin ang lahat ng tungkuling dapat mong gawin nang mabuti at matapat. Maging masigasig sa pag-ako ng responsibilidad, magsumikap na laging gumaling, huwag maging pabaya o walang-interes, at magkaroon ng malinis na konsensya;

(2) Hanapin ang katotohanan sa tuwing makakaharap ka ng problema habang ginagawa mo ang iyong tungkulin. Kumilos nang naaayon sa mga prinsipyo, at laging maging tapat sa ipinagkatiwala ng Diyos sa iyo;

(3) Sumunod sa katotohanang prinsipyo, maging mapagmahal sa iyong mga kapatid, ilantad at ipagbawal ang mga panggugulong ginagawa ng masasamang tao at mga anticristo sa iglesia, at protektahan ang mga hinirang na tao ng Diyos;

(4) Dapat ipagsanggalang ng tao ang gawain ng iglesia nang buong lakas, at buong pagsisikap na tapusin ang lahat ng gawain ng bahay ng Diyos, nang may lakas ng loob na makipagsapalaran, tapat hanggang sa huli.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ngayon ang panahon na tinutukoy Ko ang katapusan ng bawat tao, hindi ang yugto na sinimulan Kong hubugin ang tao. Isinusulat Ko sa Aking talaang aklat, isa-isa, ang mga salita at kilos ng bawat tao, ang kanyang piniling landas sa pagsunod sa Akin, ang kanyang likas na mga katangian, at kung paano sila umasal sa dakong huli. Sa ganitong paraan, anumang

uri ng tao sila, walang sinumang makatatakas sa kamay Ko, at ang lahat ay makakasama ng kanilang kauri ayon sa itinalaga Ko. Pinagpapasyahan Ko ang hantungan ng bawat tao hindi batay sa gulang, katandaan, tindi ng pagdurusa, at lalong hindi batay sa kung gaano siya kaawa-awa, kundi batay sa kung angkin niya ang katotohanan. Wala nang ibang pagpipilian kundi ito. Dapat ninyong matanto na parurusahan din ang lahat ng hindi sumusunod sa kalooban ng Diyos. Ito ay isang di-nababagong katotohanan. Samakatuwid, lahat ng pinarurusahan ay pinarurusahan nang gayon para sa katuwiran ng Diyos at bilang ganti sa kanilang maraming masasamang gawa. Wala pa Akong ginawang isa mang pagbabago sa plano Ko mula nang simulan ito. Gayon na nga lamang na, kapag nauukol sa tao, tila nababawasan ang bilang ng mga pinatutungkulan Ko ng mga salita Ko, tulad din ng mga tunay Kong kinalulugdan. Gayunman, pinaninindgian Ko na hindi pa kailanman nagbago ang plano Ko; sa halip, ang pananampalataya at pag-ibig ng tao ang tuwina'y nagbabago, tuwina'y humihina, hanggang sa punto na posible para sa bawat tao na mapunta mula sa paglalangis sa Akin tungo sa pagiging malamig sa Akin o maging sa pagwawaksi sa Akin. Ang saloobin Ko sa inyo ay hindi magiging mainit o malamig, hanggang maramdaman Ko ang suklam at pandidiri, at sa wakas ay magpataw ng kaparusahan. Gayunman, sa araw ng inyong kaparusahan, makikita Ko pa rin kayo, ngunit hindi na ninyo magagawang makita Ako. Dahil ang pakikipamuhay sa inyo ay naging nakapapagod at nakababagot na sa Akin, kaya, hindi na kailangang sabihin pa, nakapili na Ako ng ibang mga kapaligiran na paninirahan, upang lalong maiwasan ang sakit na dulot ng inyong mga malisyosong salita at layuan ang inyong di-mababatang nakaririmarim na ugali, upang hindi na ninyo Ako malinlang o ituring Ako nang gayon-gayon na lamang. Bago Ko kayo iwan, dapat Ko pa rin kayong hikayating tumigil sa paggawa ng mga hindi naaayon sa katotohanan. Sa halip, dapat ninyong gawin yaong nakakalugod sa lahat, na nagdadala ng pakinabang sa lahat at yaong may pakinabang sa sarili ninyong hantungan, kung hindi, wala nang ibang magdurusa sa gitna ng kapahamakan kundi kayo.

Hinango mula sa “Maghanda ng Sapat na Mabubuting Gawa para sa Iyong Hantungan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang awa Ko ay inihahayag sa mga nagmamahal sa Akin at nagtatatwa ng kanilang mga sarili. Samantala, ang kaparusahang sumasapit sa masasama ay mismong patunay ng matuwid na disposisyon Ko at, higit pa, patotoo sa poot Ko. Kapag sumapit ang sakuna, lahat ng sumasalungat sa Akin ay mananangis habang sila’y binibiktima ng taggutom at salot. Silang nakagawa na ng lahat ng uri ng kasamaan, ngunit sumunod na sa Akin nang maraming taon, ay hindi makatatakas sa pagbabayad para sa kanilang mga kasalanan; sila rin ay mahuhulog sa sakuna, na ang katulad ay bihirang nakita sa loob ng milyon-milyong taon, at mamumuhay sila na palaging may sindak at takot. At yaong mga tagasunod Ko na nakapagpakita na ng katapatan sa Akin ay magagalak at pupurihin ang kapangyarihan Ko. Mararanasan nila ang di-mailarawang katiwasayan at mabubuhay sa gitna ng kagalakang kailanman ay hindi Ko pa naipagkaloob sa sangkatauhan. Dahil itinuturing Kong yaman ang mabubuting gawa ng tao at kinasusuklaman ang kanilang masasamang gawa. Mula nang una Kong simulang pangunahan ang sangkatauhan, masugid na Akong umaasa na makamit ang isang pangkat ng mga taong may kaisipang katulad ng sa Akin. Samantala, hindi Ko kailanman nalilimutan yaong mga hindi Ko kaisa sa pag-iisip; lagi Ko silang kinasusuklaman sa puso Ko, hinihintay ang pagkakataong gantihan Ko sila, na maiibigan Kong makita. Ngayon ay dumating na sa wakas ang araw Ko, at hindi Ko na kailangan pang maghintay!

Hinango mula sa “Maghanda ng Sapat na Mabubuting Gawa para sa Iyong Hantungan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Dapat ninyong gawin ang inyong sariling tungkulin sa abot ng inyong makakaya nang may bukas at tapat na mga puso, at maging handang magbayad ng anumang kinakailangang halaga. Gaya nga ng sinabi ninyo, pagdating ng araw na iyon, hindi pababayaan ng Diyos ang sinumang nagdusa o nagbayad para sa Kanya. Ang ganitong uri ng matibay na

paniniwala ay karapat-dapat panghawakan, at nararapat lamang na hindi ninyo ito kailanman kalimutan. Sa ganitong paraan Ko lamang mapapalagay ang Aking isipan ukol sa inyo. Kung hindi, magpakailanman kayong magiging mga taong hindi Ko makakayang ipagpalagay ang Aking isipan, at magpakailanman kayong magiging mga layon ng Aking pag-ayaw. Kung masusunod ninyong lahat ang inyong konsensya, at ibibigay ang inyong lahat para sa Akin, nang walang hindi pagsusumikapan para sa Aking gawain, at mag-uukol ng buong buhay na pagsusumikap sa Aking gawain ng ebanghelyo, hindi ba't laging lulukso sa tuwa ang Aking puso dahil sa inyo? Sa ganitong paraan, lubos Kong mapapalagay ang Aking isipan ukol sa inyo, hindi ba? Nakapanghihinayang na ang tanging nagagawa ninyo ay hamak at katiting na bahagi lamang ng Aking inaasahan. Yamang ganito ang kalagayan, ano't may lakas kayo ng loob na hingin sa Akin ang inyong inaasam?

Hinango mula sa "Tungkol sa Hantungan" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ano ang pamantayan kung paano hinuhusgahan ang mga gawa ng isang tao bilang mabuti o masama? Depende ito sa kung taglay mo o hindi, sa iyong mga iniisip, pagpapahayag, at kilos, ang patotoo tungkol sa pagsasagawa ng katotohanan at pagsasabuhay ng katotohanang realidad. Kung wala ka ng realidad na ito o hindi mo ito isinasabuhay, walang duda na ikaw ay isang masamang tao. Ano ang tingin ng Diyos sa masasamang tao? Ang mga iniisip at ipinapakita mong mga kilos ay hindi sumasaksi sa Diyos, ni pinapahiya o tinatalo ng mga ito si Satanas; sa halip, pinapahiya ng mga ito ang Diyos, at puno ng mga markang nagpapahiya sa Diyos. Hindi ka nagpapatotoo para sa Diyos, hindi mo ginugugol ang sarili mo para sa Diyos, ni hindi mo ginagampanan ang responsibilidad at mga obligasyon mo sa Diyos; sa halip, kumikilos ka para sa iyong sariling kapakanan. Ano ang ipinahihiwatig ng "para sa iyong sariling kapakanan"? Para kay Satanas. Samakatuwid, sa bandang huli, sasabihin ng Diyos, "Magsilayo kayo sa Akin, kayong manggagawa ng katampalasanan." Sa mga mata ng Diyos, hindi ka nakagawa ng mabubuting gawa; sa halip,

naging masama ang iyong asal. Hindi ka gagantimpalaan at hindi ka aalalahanin ng Diyos. Hindi ba ito ganap na walang kabuluhan? Para sa bawat isa sa inyo na tumutupad sa inyong tungkulin, gaano man kalalim ang pagkaunawa mo sa katotohanan, kung nais mong pumasok sa reyalidad ng katotohanan, ang pinakasimpleng paraan para magsagawa ay isipin ang mga interes ng sambahayan ng Diyos sa lahat ng ginagawa mo, at bitawan ang iyong mga makasariling hangarin, indibidwal na layon, mga motibo, karangalan, at katayuan. Unahin mo ang mga interes ng bahay ng Diyos—ito ang pinakamaliit na dapat mong gawin.

Hinango mula sa “Ipagkaloob ang Iyong Tunay na Puso sa Diyos, at Makakamit Mo ang Katotohanan” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Karamihan sa mga taong naniniwala sa Diyos ay masayang ginugugol at inilalaan ang kanilang sarili para sa Kanya. Gayunman, yaon lamang mga may kakayahang tunay na maglaan at magsakripisyo ang nagtataglay ng tunay na realidad. Karamihan sa mga tao ay masayang nagsisikap na matamo ang katotohanan, ngunit medyo iilan lang ang nakapagsasagawa nito o nagsasakripisyo para matamo ito. Kapag dumarating ang kritikal na sandali, at nahilingan kang magsakripisyo at tumalikod, hindi mo matitiis na gawin iyon; hindi ito katanggap-tanggap, at nagpapakita ito na hindi ka tapat sa Diyos. Kung mas kritikal ang sandali, mas nakapagpapasakop ang mga tao at tinatalikuran nila ang sarili nilang mga interes, kahambugan, at kayabangan, at ginagampanan ang kanilang mga tungkulin nang wasto, saka lamang sila maaalala ng Diyos. Mabubuting gawa ang lahat ng iyan! Anuman ang ginagawa ng mga tao, alin ang mas mahalaga—ang kanilang kahambugan at kayabangan, o ang kaluwalhatian ng Diyos? (Kaluwalhatian ng Diyos.) Alin ang mas mahalaga—ang iyong mga responsibilidad, o ang sarili mong mga interes? Ang pagtupad sa iyong mga responsibilidad ang pinakamahalaga, at nakatali ka sa mga tungkuling iyon. Hindi ito isang sawikain; kung iyan ang iniisip mo sa kaibuturan mo, at sinisikap mong magsagawa sa ganyang paraan, hindi ba nakapasok ka na nang kaunti sa realidad? Kahit paano, nangangahulugan iyan na taglay mo

ang aspetong iyon ng realidad. Kapag naharap ka sa ilang bagay, hindi na hahadlang sa iyo ang sarili mong panandaliang makasariling mga pagnanasa at iyong kahambugan at kayabangan, at uunahin mo ang sarili mong tungkulin, ang kalooban ng Diyos, ang magpatotoo para sa Kanya, at sa sarili mong mga responsibilidad. Napakagandang paraan niyan ng pagpapatotoo, at naghahatid iyan ng kahihiyan kay Satanas! Ano ang iniisip ni Satanas, matapos makita ang lahat ng ito? Kung talagang gagawin mo ito, gamit ang totoong mga kilos upang tunay na magpatotoo sa Diyos at talikuran si Satanas, at gumagawa ka ng mas marami kaysa umawit ng mga sawikain, wala nang ibang mas mabuting paraan para pahiyain si Satanas at magpatotoo sa Diyos. Napakagandang gumamit ng sari-saring pamamaraan para magpatotoo sa Diyos at ipakita kay Satanas ang determinasyon mong talikuran at itakwil si Satanas!

Hinango mula sa “Pagtatamo sa Diyos at sa Katotohanan ang Pinakamasaya sa Lahat” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Minsan, matapos ang isang gawain, nakararamdam ka ng kaunting pagkabalisa sa iyong puso. Sa masusing pagsisiyasat, nalalaman mong mayroon talagang problema. Dapat itong iwasto, pagkaraan ay makararamdam ka ng kaginhawaan. Ang iyong pagkabalisa ay nagpapatunay na may isang suliranin na kailangan mong paglaanan ng dagdag na oras at dapat mong bigyang pansin nang mabuti. Ito ay isang seryoso, responsableng pag-uugali sa pagganap ng tungkulin. Kapag ang isang tao ay makakayang maging seryoso, responsable, nakalaan, at masipag, magagawa nang maayos ang gawain. Minsan, wala kang gayong puso, at hindi ka makahanap o makatuklas ng isang pagkakamali na mas malinaw pa sa araw. Kung magtataglay ng ganoong puso ang isang tao, kasama ng paghihikayat at patnubay ng Banal na Espiritu, magagawa nilang tukuyin ang usapin. Ngunit kung ginabayan ka ng Banal na Espiritu at binigyan ka ng gayong kamalayan, tinutulutan kang maramdaman na may bagay na mali, ngunit wala ka naman ng gayong puso, hindi mo pa rin kakayaning tukuyin ang suliranin. Kaya, ano ang ipinakikita nito? Ipinakikita

nito na napakahalaga na nakikipagtulungan ang mga tao; napakahalaga ng kanilang mga puso, at napakahalaga kung saan sila nagtutuon ng kanilang mga kaisipan at layunin. Nagsisiyasat ang Diyos at nakakayang makita kung ano ang kinikimkim ng mga tao sa kanilang puso kapag tumutupad sila sa kanilang tungkulin, at kung gaanong lakas ang iniuukol nila.Napakahalaga na iniuukol ng mga tao ang kanilang buong puso at lakas sa kanilang ginagawa. Napakahalagang sangkap din ng pakikipagtulungan. Tanging sa pagsisikap ng mga tao na walang pagsisihan tungkol sa mga tungkuling kanilang naisagawa at mga bagay na kanilang nagawa, at hindi magkaroon ng pagkakautang sa Diyos, makakikilos sila nang buong at lakas. Kung hindi mo ibinibigay ngayon ang iyong buong puso at lakas, sa gayon, kapag may nangyaring mali kalaunan, at may mga kinahinatnan, hindi ba magiging huli na para sa mga pagsisisi? Habambuhay ka nang may pagkakautang, at iyan ay magiging batik sa iyo! Ang batik sa pagsasagawa ng tungkulin ay isang paglabag. Dapat mong sikaping gawin nang nararapat ang bahagi ng mga bagay na dapat at kailangan mong gawin nang buong puso at lakas. Hindi dapat ginagawa ang mga bagay na iyon nang walang ingat at walang interes; hindi ka dapat magkaroon ng mga pagsisisi. Sa ganitong paraan, ang mga tungkuling ginagawa mo ngayon ay matatandaan ng Diyos. Yaong mga bagay na natatandaan ng Diyos ay magagandang gawa. Ano, kung gayon, ang mga bagay na hindi natatandaan? Ang mga paglabag. Maaaring hindi tanggapin ng mga tao na masasamang gawa ang mga ito kung inilalarawan ang mga ito nang gayon sa ngayon, ngunit kapag dumating ang araw na may malubha nang kahihinatnan sa mga bagay na ito, at naging negatibong impluwensiya ang mga ito, kung gayon ay madarama mo na ang mga bagay na ito ay hindi lamang mga paglabag sa pag-uugali bagkus ay masasamang gawa. Kapag napagtanto mo ito, magsisisi ka, at iisipin sa sarili: dapat ay pinili ko nang umiwas! Kung bahagya ko man lamang napag-isipan at napagsikapan, hindi ko sana kinakaharap ang suliraning ito. Walang makabubura ng walang-hanggang batik na ito sa iyong puso, at magiging dahilan ito ng gulo kung ilalagay ka nito sa

palagiang pagkakautang. Kaya, ngayon, sa tuwing ginagampanan mo ang iyong tungkulin, o tumatanggap ng isang gawain, dapat ninyong sikaping gampanan ito nang buong lakas at buong puso ninyo. Dapat ninyong gampanan ito nang malaya kayo sa pagkakasala at panghihinayang, upang ito ay matandaan ng Diyos, at isa itong mabuting gawa. Huwag kumilos nang pabaya at walang interes, na bukas ang isang mata at nakapikit ang isa; pagsisisihan ninyo ito, at hindi makagagawa ng mga pagtitika. Ito ang bubuo sa paglabag, at sa huli, sa inyong puso, lalaging may pagkakasala, pagkakautang, at pagpaparatang. Alin sa dalawang landas na ito ang pinakamahusay? Aling landas ang tamang daan? Ginagampanan ang iyong tungkulin nang buong puso at lakas, at naghahanda at nagtitipon ng mabubuting gawa, nang walang anumang pagsisisi. Huwag hayaang maipon ang inyong mga paglabag, pagsisihan ang mga ito, at mahulog sa pagkakautang. Anong mangyayari kapag ang isang tao ay nakagawa ng napakaraming paglabag? Dinadagdagan nila ang galit ng Diyos sa kanila sa Kanyang presensya! Kung lumabag ka nang lumabag, at higit na tumindi ang poot ng Diyos sa iyo, sa huli, ikaw ay parurusahan.

Hinango mula sa “Paano Lulutasin ang Suliranin ng Pagiging Pabaya at Kawalang ng Sigla Habang Gumaganap sa Iyong Tungkulin” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sa hinaharap, ang mga taong makaliligtas sa isang kalagayan ng pamamahinga ay napagtiisan na ang lahat ng araw ng pagdurusa at nakapagpatotoo na rin para sa Diyos; lahat sila ay magiging mga tao na tinupad na ang kanilang mga tungkulin at kusa nang nagpasakop sa Diyos. Yaong mga nais lamang gamitin ang pagkakataon na gawin ang paglilingkod na kasama ang balak na iwasan ang pagsasagawa ng katotohanan ay hindi pahihintulutang manatili. May mga naaangkop na pamantayan ang Diyos para sa pag-aayos ng mga kalalabasan ng bawat tao; hindi Siya basta gumagawa ng mga kapasiyahang ito ayon sa mga salita at asal ng isang tao, o gumagawa Siya ng mga ito batay sa kung paano kumikilos ang isang tao sa isang tagal ng panahon. Lubos na hindi

siya magiging maluwag hinggil sa buktot na asal ng isang tao dahil sa nakaraang paglilingkod nito sa Kanya, o hindi rin Niya ililigtas ang isang tao mula sa kamatayan dahil sa minsanang gugulin para sa Diyos. Walang sinuman ang makaiiwas sa paghihiganti para sa kanilang kabuktutan, at walang sinuman ang mapagtatakpan ang kanilang masamang pag-uugali at sa gayon ay makaiiwas sa mga paghihirap ng pagkawasak. Kung totoong matutupad ng mga tao ang sarili nilang tungkulin, nangangahulugan ito na walang hanggang matapat sila sa Diyos at hindi hinahangad ang mga pabuya, tumatanggap man sila ng mga biyaya o nagdurusa sa kasawian. Kung matapat sa Diyos ang mga tao kapag nakikita nila ang mga biyaya, ngunit nawawala ang kanilang katapatan kapag hindi nila nakikita ang anumang mga biyaya, at kung, sa huli, ay hindi pa rin nila nagagawang magpatotoo para sa Diyos o tuparin ang mga tungkuling kasalukuyang hawak nila, magiging mga pakay pa rin sila ng pagkawasak kahit pa dati na silang nakapagbigay ng matapat na paglilingkod sa Diyos.

Hinango mula sa “Papasok sa Pahinga ang Diyos at ang Tao Nang Magkasama” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang huling gawain Ko ay hindi lamang alang-alang sa pagpaparusa sa tao, kundi alang-alang din sa pag-aayos ng patutunguhan ng tao. Bukod dito, ito ay upang kilalanin ng lahat ng mga tao ang mga gawa at mga kilos Ko. Nais Kong makita ng bawat isang tao na tama ang lahat ng nagawa Ko na, at na ang lahat ng nagawa Ko na ay pagpapahayag ng disposisyon Ko. Hindi kagagawan ng tao, lalong hindi ng kalikasan, ang nagluwal sa sangkatauhan, kundi Ako, na nag-aaruga sa lahat ng nabubuhay na nilalang sa sangnilikha. Kung wala ang pag-iral Ko, mapapahamak lamang ang sangkatauhan at pagdurusahan ang hagupit ng kapahamakan. Walang tao ang kailanman ay makikitang muli ang napakarikit na araw at buwan, o ang luntiang mundo; makakatagpo lamang ng sangkatauhan ang napakalamig na gabi at ang walang tinag na lambak ng anino ng kamatayan. Ako lamang ang kaligtasan ng sangkatauhan. Ako lamang ang

pag-asa ng sangkatauhan at, higit pa rito, Ako ang Siya kung saan nakasalalay ang pag-iral ng lahat ng sangkatauhan. Kung wala Ako, agad na hihinto ang sangkatauhan. Kung wala Ako, magdurusa ng kapahamakan at yuyurakan ng lahat ng uri ng mga multo ang sangkatauhan, bagaman walang nagbibigay ng pansin sa Akin. Nakagawa na Ako ng gawaing walang ibang sinumang makagagawa, at umaasa lamang na mababayaran Ako ng tao ng ilang mabubuting gawa. Bagaman iilan lamang ang nagagawang makabayad sa Akin, tatapusin Ko pa rin ang paglalakbay Ko sa mundo ng tao at sisimulan ang susunod na hakbang ng naglaladlad na gawain Ko, sapagkat ang lahat ng nagmamadaling paroo't parito Ko sa gitna ng tao nitong maraming taon ay naging mabunga, at napakanasisiyahan Ako. Ang pinahahalagahan Ko ay hindi ang bilang ng mga tao, kundi ang mabubuti nilang gawa. Gayunman, umaasa Akong naghahanda kayo ng sapat na mabubuting gawa para sa patutunguhan ninyo. Kung gayon ay malulugod Ako; kung hindi, wala sa inyong makatatakas sa sakunang sasapitin ninyo. Magmumula sa Akin ang sakuna at mangyari pa ay isinasaayos Ko. Kung hindi kayo lilitaw bilang mabuti sa paningin Ko, hindi ninyo matatakasang pagdusahan ang sakuna. Sa gitna ng kapighatian, ang mga kilos at mga gawa ninyo ay hindi itinuring na lubos na naaangkop, dahil hungkag ang pananampalataya at pagmamahal ninyo, at ipinakita lamang ninyo ang mga sarili ninyo na mahiyain o matigas. Tungkol dito, gagawa lamang Ako ng paghatol ng mabuti o masama. Ang pag-aalala Ko ay patuloy na ang paraan kung paanong ang bawat isa sa inyo ay kumikilos at nagpapahayag ng sarili niya, na siyang batayan kung saan tutukuyin Ko ang wakas ninyo. Gayunman, dapat Ko itong gawing malinaw: Tungo sa yaong mga hindi nagpakita sa Akin ni katiting na katapatan sa mga panahon ng kapighatian, hindi na Ako magiging mahabagin, sapagkat natatakdaan ang abot ng habag Ko. Higit pa rito, wala Akong gugustuhin sa sinumang minsan na Akong ipinagkanulo, mas lalong hindi Ko gustong nakikipag-ugnayan sa yaong mga nagkakanulo sa mga kapakanan ng mga kaibigan nila. Ito ang disposisyon Ko, hindi alintana kung sino man ang taong iyan. Dapat Ko

itong sabihin sa inyo: Sinumang babasag sa puso Ko ay hindi makatatanggap ng habag mula sa Akin sa ikalawang pagkakataon, at ang sinumang naging matapat sa Akin ay magpakailanmang mananatili sa puso Ko.

Hinango mula sa “Maghanda ng Sapat na Mabubuting Gawa para sa Iyong Hantungan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Ang Dalawampung Mabubuting Gawa na Kailangang Ihanda ng mga Taong Hinirang ng Diyos:

1. Madalas na ibahagi ang katotohanan upang lutasin ang mga problema para sa mga taong hinirang ng Diyos sa buhay-iglesia, patuloy na suportahan ang mga tunay na nananalig sa Diyos upang matulungan silang unawain ang katotohanan at pumasok sa realidad. Ito ay mabuting gawa, at ito lang ang tunay na pagmamahal.

2. Kung hindi ka nangangalakal o naghahangad ng gantimpala sa paggawa ng iyong tungkulin, wala kang iba pang mga motibo, at hindi mo lang basta ginagawa ang tungkulin mo, at may praktikal na mga resulta, ito ay mabuting gawa. Yaon lamang mga taong gumaganap sa kanilang tungkulin sa ganitong paraan ang tunay na gumugugol ng kanilang sarili para sa Diyos.

3. Kung matagpuan na mabubuting tao pala ang mga naihiwalay sa maling kadahilanan o napatalsik sa iglesia, sikaping tulungan at suportahan sila at tanggapin silang muli sa iglesia. Ito ay mabuting gawa. Ang pagtanggap sa mga kapatid mula sa ibang mga lugar na naghahanap sa iglesia, at ang kakayahang kainin at inumin ang mga salita ng Diyos at isabuhay ang buhay-iglesia na kasama nila ay isa ring mabuting gawa.

4. Taos-pusong pagsisikap, na kinalilimutang kumain at matulog upang ang mga taong hinirang ng Diyos na tunay na nananalig sa Kanya ay maaaring maunawaan ang katotohanan, makapasok sa realidad at lumago sa buhay—ito ay mabuting gawa. Ito ang realidad na dapat taglayin ng mga taong naglilingkod sa Diyos at may tunay na konsiderasyon sa

kalooban ng Diyos.

5. Magtuon sa pagpapalaganap ng ebanghelyo, magpatotoo sa gawain ng Diyos tuwing makakaharap mo ang isang angkop na tao. Ang pangangaral ng ebanghelyo hangga't maaari upang makakuha ng mas maraming tao ay mabuting gawa. Kung madadala mo sa harap ng Diyos ang ilang taong may tunay na pananampalataya at talagang nagagawang magpatuloy sa katotohanan, ito ay mas mabuti pang gawa.

6. Kung matuklasan mo na ginagambala ng isang masamang tao ang iglesia, gamitin ang lahat ng klase ng karunungan upang harangan at higpitan sila sa paggawa ng kasamaan. Gamitin ang katotohanan at karunungan upang pakitunguhan ang kaguluhan at tiyakin na makapagpatuloy ang buhay-iglesia na tulad ng dati. Ito ay mabuting gawa.

7. Anumang mga problema ang lumitaw sa iglesia, ang paninindigan sa panig ng Diyos, pangangalaga sa Kanyang gawain, at pagprotekta sa pagpasok sa buhay ng mga taong hinirang ng Diyos ay mabuting gawa. Kung nagagamit mo ang katotohanan upang lutasin ang mga problema para maunawaan ng mga taong hinirang ng Diyos ang katotohanan at mahiwatigan ang mabuti at masama, iyan ay mas mabuti pang gawa.

8. Ang magawang tapatang ilantad at pabulaanan ang masama na nangangahas na hatulan, salakayin, at kontrahin ang taong kinakasangkapan ng Banal na Espiritu at pinaninindigan ang gawain ng Diyos ay mabuting gawa. Sinumang gumagamit ng katotohanan upang lutasin ang lahat ng klase ng paggambala ng masasamang tao at mga anticristo at maghatid ng pakinabang sa mga taong hinirang ng Diyos ay mas mabuti pang gawa.

9. Ang paghahanap sa katotohanan matapos matuklasan ang iba't ibang kamalian at maling paniniwala sa loob ng iglesia, pagpapabulaan at pagbatikos sa mga ito ayon sa mga salita ng Diyos, pagpapanatiling ligtas ng mga taong hinirang ng Diyos mula sa kapinsalaan, at pagtulong sa kanila na sumigla at lumago sa buhay—ito ay mabuting gawa.

10. Kung matuklasan na nalinlang o nakontrol na ang mga tunay na nananampalataya sa Diyos na handang hanapin ang katotohanan,

mabuting gawa ang gawin ang lahat ng posibleng gawin upang masagip sila, na matiyagang ibinabahagi ang katotohanan para makawala sila sa mga kamay ng masasama, tunay na makabalik sa Diyos, at matalikuran ang kadiliman para sa liwanag.

11. Kung matuklasan na talagang may bulaang pinuno o anticristo na nagmamagaling sa iba at nagtatangkang magtatag ng hiwalay na kaharian, mabuting gawa ang ipaalam ito kaagad at kumontak sa mga taong nakakaunawa sa katotohanan para mailigtas ang mga taong hinirang ng Diyos mula sa pamiminsala ng diyablong si Satanas.

12. Kapag may nangyayaring masama sa paligid, ang pagsisikap na gawin ang lahat para protektahan ang mga taong hinirang ng Diyos, paggawa ng angkop na mga plano para mapangalagaan ang pera at mga ari-arian ng bahay ng Diyos, at pagprotekta sa mga handog sa Diyos upang hindi ito mahulog sa mga kamay ni Satanas at ng malaking pulang dragon ay mabuting gawa. Siya na gumagawa nito ay isang taong pinangangalagaan ang gawain ng Diyos at tunay na deboto sa Kanya.

13. Mabuting gawa ang protektahan ang mga tunay na nananampalataya sa Diyos mula sa pagka-aresto at gamitin ang lahat ng koneksyon upang sagipin ang mga kapatid na naaresto. Mas mabuti pang gawa ang gumamit ng karunungan upang mapangalagaan ang buhay-iglesia at maprotektahan ang mga taong hinirang ng Diyos kapag may nangyayaring masama sa paligid.

14. Kapag nakikita mo na ang mga kapatid na tunay na ginugugol ang kanilang sarili para sa Diyos at hinahanap ang katotohanan ay dumaranas ng mga paghihirap at problema, mabuting gawa ang gawin ang lahat para tulungan silang malagpasan ang problema. Mabuti ring gawa ang magawang tulungan ang mga pinuno at manggagawa na ginugugol ang buong panahon nila para sa Diyos at naghihirap ang mga pamilya.

15. Mabuting gawa kung masusubukan mo ang lahat ng posibleng paraan para matanggap at matulungan ang mga kapatid na tinutugis at pinaghahanap nang hindi natatakot sa mga panganib o maaari mong isakripisyo, at kung nagagawa mong tiisin ang lahat ng klase ng

paghahanap ng mali, kabastusan at mga problemang nagmumula sa iba sa pagganap mo sa tungkulin para mapalugod ang Diyos.

16. Mabuting gawa ang buuin ang mga kapatid na tunay na nananampalataya sa Diyos at naghahanap sa katotohanan upang makakain at makainom ng mga salita ng Diyos, ibahagi ang katotohanan, at mamuhay ng buhay-iglesia sa mga pagsubok. Mas mabuti pang gawa ang alalayan ang mahihinang kapatid upang maunawaan nila ang katotohanan at sumaksi sila sa panahon ng mga pagsubok at kalamidad.

17. Ang paglalantad at pagsuplong sa masasamang taong nagnanakaw ng mga handog at nagdidispalko ng pag-aari ng bahay ng Diyos ay isang mabuting gawa. Hinahadlangan nito ang pagkawala ng mga handog sa Diyos at pag-aari ng bahay ng Diyos. Ang pagprotekta sa mga handog sa Diyos upang hindi mahulog sa mga kamay ng masasama at madispalko ng mga taong may mga lihim na motibo ay isa ring mabuting gawa.

18. Mabuting gawa ang sikapin ang lahat para makipag-ugnayan sa pagpapatupad ng mga pagsasaayos ng gawain mula sa taong kinakasangkapan ng Banal na Espiritu at malutas din ang lahat ng klase ng mga praktikal na problemang kinakaharap ng mga taong hinirang ng Diyos sa iglesia, at gawin ang maraming praktikal na gawain para mapangalagaan ang gawain ng Diyos at madala ang mga taong hinirang ng Diyos sa tamang landas ng pananampalataya.

19. Ang aktibong pakikipagtulungan sa pamumuno at pag-akay ng taong kinakasangkapan ng Banal na Espiritu, paglulunsad ng isang desperadong pakikibaka sa mga bulaang pinuno at anticristo upang madala ang mga taong hinirang ng Diyos sa tamang landas ng pananalig sa Diyos, pagsasakripisyo upang mapangalagaan ang gawain ng Diyos at pagkakamit ng mga resulta—lahat ng ito ay nasa grupo ng mabubuting gawa.

20. Ang mahiwatigan at matukoy ang mga bulaang pinuno at anticristo ayon sa mga pagsasaayos ng gawain, mailantad sila ayon sa katotohanan, at mahikayat silang magbitiw para maiwasan ang mas malaking pinsala sa

mga taong hinirang ng Diyos ay isang mabuting gawa. Ang pagtulong at pagprotekta sa mga pinunong mayroong mga paglabag, ngunit may kakayahang tunay na magsisi at may mabuting pagkatao para patuloy nilang magawa ang kanilang tungkulin ay mabuting gawa.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

85. Ang Mga Prinsipyo sa Paghahandog ng mga Donasyon at Limos

(1) Ganap na ipinagbabawal ng iglesia sa sinuman ang humingi ng mga donasyon para sa anumang dahilan. Ang sinumang gumawa noon ay may lihim na motibo, at dapat na ilantad at iulat;

(2) Ang mga bagong mananampalataya na hindi nakakaunawa sa katotohanan ay pinagbabawalang maghandog ng mga donasyon. Yaon lamang mga may tunay na pananampalataya sa Diyos ang maaaring magbigay ng donasyon;

(3) Kapag naghahandog ng mga donasyon o limos ang mga hinirang na tao ng Diyos, dapat silang magsagawa ng paulit-ulit na panalangin hanggang sa maging handa at masigasig at may kakayahan na silang magbigay ng mga donasyon o magbigay ng limos nang hindi kailanman nagsisisi o naghahangad ng anumang kapalit. Ang mga ito lang ang aalalahanin ng Diyos;

(4) Ang mga limos ay dapat na ilaan nang tama. Mas malapit na nasusunod ang kalooban ng Diyos ng pagbibigay ng donasyon pangunahin sa mga kapatid na matagal nang gumugugol ng kanilang mga sarili sa Diyos at nagdaranas ng pinansyal na paghihirap.

(5) Ang pera at mga bilihing ibinigay sa Diyos ay dapat na ibigay sa iglesia para maingatan. Maari ring bantayan mismo ang mga iyon ng isang tao, o ibigay ang mga iyon sa ibang taong tunay na nagmamahal sa Diyos, para maingatan.

Mga Talata ng Biblia para Sanggunian:

“Mangagingat kayo na huwag magsigawa ng katuwiran sa harap ng mga tao, upang kanilang makita: sa ibang paraan ay wala kayong ganti ng inyong Ama na nasa langit. Kaya nga pagka ikaw ay naglilimos, ay huwag kang tutugtog ng pakakak sa harap mo, na gaya ng ginagawa ng mga mapagpaimbabaw sa mga sinagoga at sa mga daan, upang sila'y mangagkapuri sa mga tao. Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Tinanggap na nila ang sa kanila'y ganti. Datapuwa't pagka ikaw ay naglilimos, ay huwag maalaman ng iyong kaliwang kamay ang ginagawa ng iyong kanang kamay: Upang ang iyong paglilimos ay malihim: at ang iyong Ama na nakakikita sa lihim ay gagantihin ka” (Mateo 6:1–4).

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Ang mga Prinsipyo ng Pagbibigay ng mga Handog at Limos sa mga Taong Hinirang ng Diyos

Ang pagliligtas ng Diyos sa sangkatauhan ay hindi lamang sa pamamagitan ng pagpapahayag ng mga salita. Kasama rin dito ang maraming gawain, kabilang na ang: pagpapalaganap ng ebanghelyo, pagdidilig sa mga iglesia, mga proyektong audiovisual, mga proyektong masining, at serye ng mga video at artikulo. Ang gawaing ito ay nangangailangan ng maraming tao, pera at materyal, kaya lahat ng taong hinirang ng Diyos ay dapat ialay ang kanilang sarili, gugulin ang kanilang sarili para sa Diyos, at gampanan ang mga tungkulin at obligasyon ng mga nilalang ng Diyos alang-alang sa gawaing ipalaganap ang ebanghelyo. Saka lamang sila makakaayon sa puso ng Diyos. Lahat ng tinatamasa ng tao ay bigay ng Diyos, kaya dapat ihandog ng mga taong hinirang ng Diyos ang isang bahagi ng lahat ng perang kinikita nila para gamitin sa pagpapalaganap ng ebanghelyo ng Diyos. Itinalaga ito ng Langit at tinanggap ng lupa, at obligasyon itong kailangang gampanan. Kung walang inihandog ang mga tao pagkaraan ng ilang taon ng paniniwala sa Diyos, nagpapakita iyan na wala silang tunay na pananampalataya, at hindi nila nauunawaan ang katotohanan, wala silang konsiyensya o damdamin, at hindi sila nararapat na mabuhay sa harap ng Diyos. Samakatuwid, dapat iambag ng lahat ng naniniwala sa Diyos ang kanilang bahagi sa gawain ng

Diyos. Ang kaparaanan kung paano nag-aambag ang isang tao ay dapat tukuyin ayon sa kanyang sariling pang-unawa. Tapat ang ilang tao na maghandog ng sampung porsiyento ng lahat ng kinikita nila; ang ilan ay inilalaan ang buong pagkatao nila sa Diyos at ginugugol ang kanilang sarili para sa Diyos. Paano man sila nag-aambag, basta't ginagawa nila iyon nang masaya, sasang-ayunan iyon ng Diyos. Bawat iglesia ay dapat maglagay ng isang kahon para sa mga handog upang kusang makapagbigay ang mga tunay na naniniwala at tapat na sumasampalataya sa Diyos. Nagpasiya na ang tahanan ng Diyos na ang mga bagong naniniwala na hindi nakakaunawa sa katotohanan at ang maralita ay hindi kailangang maghandog. Ang mga handog na bigay ng mga taong hinirang ng Diyos ay tinutukoy batay sa pananampalataya ng indibiduwal; basta't dumarating ang mga ambag na ito pagkatapos ng maraming panalangin, ibinibigay nang kusa, at hindi humihingi ng anumang kapalit ang tao, lubos silang kaayon ng puso ng Diyos. Ang iglesia ay hindi tumatanggap ng mga handog na masigasig na ibinigay ng mga bagong mananampalataya o mga handog na malamang na humantong sa mga alitan sa pamilya. Hindi pinapayagan ng iglesia ang sinuman na mangalap ng mga handog para sa anumang dahilan. Lahat ng nagtatangkang mangalap ng mga handog ay may ibang hangarin at dapat ilantad at isuplong. Kailangang maunawaan ng lahat ng taong hinirang ng Diyos na ang mga handog na ibinibigay nila ay ibinibigay sa Diyos, hindi sa anumang iglesia o indibiduwal. Ang paghahandog sa isang iglesia o indibiduwal ay maling-mali. Dapat maghandog ang mga taong hinirang ng Diyos sa pundasyon ng pagkaunawa sa kabuluhan at mga prinsipyo ng pagbibigay ng mga handog; sa paggawa lamang nito sila maaalala at mapagpapala ng Diyos.

Noong Kapanahunan ng Biyaya, sinabi ng Panginoong Jesus, "**Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa**" (Mateo 25:40). Ang mga limos na mapagmahal na ibinigay upang tulungan ang mga kapatid na taimtim na nagsasakripisyo at ginugugol ang kanilang sarili para sa Diyos at naghihirap ang buhay ay mabubuting gawa, at ang

paggawa nito ay lubos na naaayon sa mga salita ng Diyos. Gayunman, mga mamahalin lamang ang binibili ng ilang tao para sa mga lider. Ang gayong mga regalo ay hindi mga limos na ibinibigay dahil sa pagmamahal; ang mga ito ay walang iba kundi isang pilosopiya sa buhay na manipsip na nababahiran ng mga personal na motibo at layunin, at hindi sila naaalala ng Diyos. Ang paglilimos ay kailangang pamahalaan ng mga prinsipyo at nakadirekta sa mga tamang tatanggap. Hindi dapat ibigay ang mga limos sa masama at huwad na mga lider, o mga anticristo; ang paggawa nito ay nagpapadali sa kasamaan, at ito ay masamang gawain, ganoon lang iyon kasimple. Ang tunay na pagbibigay ng limos dahil sa pagmamahal ay nangangahulugan ng pagbibigay sa mga taos-pusong gumugugol ng kanilang sarili para sa Diyos, na nagagawang maglaan, magdilig, at sumuporta sa mga taong hinirang ng Diyos, at gumagawa ng pinakamalaking ambag sa gawain ng Iglesia at sa paglago ng buhay ng mga taong hinirang ng Diyos. Ang pagbibigay ng limos sa gayong mga tao—mga taong pinakamamahal ng Diyos at pinagpala ng Diyos—ay lubos na nakaayon sa puso ng Diyos. Ang pagbibigay ng limos o regalo para magpalakas sa isang tao at makamit ang mga personal na layunin ay lubos na salungat sa katotohanan. Mas malaki pa ang obligasyon ng mga lider at manggagawa na isaalang-alang ang gawain ng tahanan ng Diyos, gampanan ang kanilang tungkulin nang wasto, tanggapin ang masusing pagsisiyasat ng Diyos, at hindi mag-imbot sa mga pagpapala ng katayuan. Responsibilidad ng lahat ng taong hinirang ng Diyos na pangasiwaan sila sa bagay na ito.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

86. Ang Mga Prinsipyo sa Kung Paano Hawakan ang Mga Handog sa Diyos

(1) Ang pera at mga bilihin sa bahay ng Diyos, pati na ang lahat ng ari-arian nito, ay mga handog sa Diyos mula sa Kanyang hinirang na bayan, at hindi pagmamay-ari ng iglesia o tao;

(2) Walang may karapatang gumamit sa mga handog sa Diyos maliban sa Diyos at sa pari. Sinumang taong magnanakaw mula sa kanila ay isang Hudas, at dapat na maparusahan;

(3) Ang mga handog na ibinigay sa Diyos ay dapat na isaayos, ilipat, at pamahalaan Niya at ng taong ginagamit ng Banal na Espiritu, at walang maaaring makialam sa mga iyon at maglipat sa mga iyon kailanman nila naisin;

(4) Ang taong magiging sanhi ng kawalan ng mga handog sa pamamagitan ng kanilang pabaya, walang interes na paggawa ng tungkulin, o hindi pagkilos nang naaayon sa mga prinsipyo, ay dapat na maghandog ng boluntaryong pagbabalik-pinsala, ayon sa katotohanang prinsipyo;

(5) Ang taong labis na didispalko o magnanakaw ng mga handog ay dapat na pagbayarin ng kanilang kinuha; kapag tumanggi silang gawin iyon, maaaring maglapat ng parusang kagantihan.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang pera, materyal na mga bagay, at lahat ng ari-arian sa sambahayan ng Diyos ang mga handog na dapat ibigay ng tao. Walang sinumang maaaring magtamasa ng mga handog na ito kundi ang pari at ang Diyos, sapagkat ang mga handog ng tao ay para sa kaluguran ng Diyos. Ibinabahagi lamang ng Diyos ang mga handog na ito sa pari, at wala nang iba pang kwalipikado o nararapat na magtamasa ng anumang bahagi ng mga iyon. Lahat ng handog ng tao (pati na ang pera at mga materyal na bagay na maaaring matamasa) ay ibinibigay sa Diyos, hindi sa tao. Kaya nga, ang mga bagay na ito ay hindi dapat tamasahin ng tao; kung tatamasahin ng tao ang mga ito, magnanakaw siya ng mga handog. Sinumang gumagawa nito ay isang Judas, sapagkat, bukod pa sa pagiging traydor, kinuha rin ni Judas ang nakalagay sa supot ng pera.

Hinango mula sa “Ang Sampung Atas Administratibo na Dapat Sundin ng Hinirang na Bayan ng Diyos sa Kapanahunan ng Kaharian” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ano ang alay? Ang alay ay bagay na inilalaan ng isang tao sa Diyos;

hindi na ito pag-aari ng tao, kundi sa Diyos. Anumang ilaan sa Diyos - maging pera o materyal na mga bagay, at kung anuman ang halaga nito - ay buong pagmamay-ari ng Diyos, at hindi nasa kamay ng tao, ni hindi rin niya ito dapat gamitin. Paano maaaring maunawaan ang mga alay ng Diyos? Ang Diyos lamang ang maaaring magtapon ng anumang pag-aari Niya, at bago makuha ang Kaniyang pagpapatibay, walang sinuman ang maaaring makagambala sa mga bagay na iyon o gumawa ng anumang mga plano para sa mga iyon. May mga nagsasabi, “Kung walang ginagamit ang Diyos, bakit hindi Niya tayo hinahayaang gamitin ito? Kung magiging masama ito pagkatapos, hindi ba iyon nakakahiya?” Hindi, kahit noon pa man; ito ay isang prinsipyo. Ang mga alay ay mga bagay na pag-aari ng Diyos, hindi sa tao; malaki o maliit, may halaga man o wala ang mga ito, sa sandaling ilaan sila ng tao sa Diyos, nagbago na ang kanilang diwa, gusto man o ayaw sa kanila ng Diyos. Sa sandaling ang isang bagay ay naging alay, kabilang na ito sa mga pag-aari ng Maylalang at anumang gusto Niyang gawin dito. Ano ang kabilang sa pananaw ng isang tao sa mga alay? Kabilang dito ang pag-uugali tungo sa Diyos. Kung ang pag-uugali ng isang tao tungo sa Diyos ay kawalang-galang at paghamak, at pagpapabaya, ang ugali ng taong iyon tungo sa lahat ng mga bagay na pag-aari ng Diyos ay tiyak na magiging ganoon din kung gayon. Mayroong ilang nagsasabi, “Ang ilang mga alay ay walang sinumang nangangalaga. Hindi ba’t nangangahulugang iyon na ang mga ito ay para sa kung sino ang nagmamay-ari sa kanila? Kung meron mang nakakaalam o wala nito, ito ay ‘pagmamay-ari ng nakahanap’; ang sinumang makakakuha sa mga bagay na iyon ay siyang may-ari nito.” Anong palagay mo sa ganoong pananaw? Tila malinaw, ito ay hindi tama. Ano ang saloobin ng Diyos sa mga alay? Anuman ang inaalok, tanggapin man Niya ito o hindi, sa sandaling ang isang bagay ay itinalaga bilang isang alay, ang sinumang tao na may karagdagang pagnanasa dito ay maaaring magwakas ng “pag-apak sa isang pasabog.” Anong ibig sabihin nito? (Nangangahulugan ito na sinasaktan mo ang disposisyon ng Diyos.) Magkakasama kayong lahat sa ganitong pagkaunawa. Kaya, ano ang sinasabi ng bagay na ito tungkol sa

mga tao? Sinasabi nito sa kanila na walang pinalalampas na mga pagkakasala ng tao ang disposisyon ng Diyos, at na hindi sila dapat nakikialam sa Kanyang mga bagay. Halimbawa, ang mga alay sa Diyos—kung angkinin ng isang tao ang mga ito bilang sarili niya, o sasayangin at wawaldasin ang mga ito, mananagot siya na sinaktan niya ang disposisyon ng Diyos at maparurusahan. Gayunpaman, ang galit ng Diyos ay may mga sariling prinsipyo; hindi ito katulad ng inaakala ng mga tao, kabilang na ang paghampas sa sinumang nagkakamali. Dapat pakitunguhan ng mga tao ang mga alay sa Diyos nang may pag-iingat, at ang tanging paraan upang matiyak na hindi masasaktan ang disposisyon ng Diyos ay ang pagkakaroon ng paggalang sa Kanya.

Hinango mula sa "Sa pamamagitan lamang ng Paglutas ng mga Kuro-kuro Maaaring Makapasok sa Tamang Landas ng Paniniwala sa Diyos (3)" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ninanakaw ninyong mababahong maliliit na uod ang mga alay mula sa altar Ko, si Jehova; sa paggawa noon, kaya ba ninyong sagipin ang inyong nasira at bumagsak na reputasyon at maging hinirang na mga tao ng Israel? Mga walanghiya kayo! Ang mga sakripisyong iyon sa altar ay inialay sa Akin ng Aking mga tao, bilang pagpapahayag ng mabubuting damdamin mula sa mga nagpipitagan sa Akin. Ang mga iyon ay para Aking kontrolin at Aking gamitin, kaya paano mo Ako posibleng nakawan ng maliliit na kalapating ipinagkaloob sa Akin ng mga tao? Hindi ka ba natatakot na maging isang Judas? Hindi ka ba natatakot na baka mapuno ng dugo ang iyong lupain? Walanghiya ka! Palagay mo ba, ang mga kalapating inialay ng mga tao ay para busugin ang tiyan mo na isang uod? Ang naibigay Ko sa iyo ay ang nasisiyahan at handa Akong ibigay sa iyo; ang hindi Ko naibigay sa iyo ay gagamitin Ko kung paano Ko gusto. Hindi mo maaaring basta na lang nakawin ang mga alay sa Akin. Ang gumagawa ay Ako, si Jehova—ang Panginoon ng paglikha—at nag-aalay ng mga sakripisyo ang mga tao dahil sa Akin. Palagay mo ba, kabayaran ito para sa lahat ng pag-aabalang ginagawa mo? Walanghiya ka talaga! Para kanino ka ba nag-

aabala? Hindi ba para sa sarili mo? Bakit mo ninanakaw ang mga sakripisyo sa Akin? Bakit ka nagnanakaw ng pera mula sa Aking supot ng salapi? Hindi ba ikaw ang anak ni Judas Iscariote? Ang mga sakripisyo sa Akin, si Jehova, ay para tamasahin ng mga saserdote. Saserdote ka ba? Nangangahas kang kainin nang may kayabangan ang mga sakripisyo sa Akin, at inihahain mo pa ang mga iyon sa mesa; wala kang kuwenta! Wala kang kuwentang walanghiya ka! Susunugin ka ng Aking apoy, ang apoy ni Jehova!

Hinango mula sa “Kapag ang mga Dahong Nalalaglag ay Bumalik sa mga Ugat Nito, Pagsisisihan Mo ang Lahat ng Kasamaang Nagawa Mo” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ako ay nakagawa at nakapagsalita sa ganitong paraan kasama ninyo, Ako ay gumugol ng napakaraming lakas at pagsisikap, nguni’t kailan ba kayo nakinig sa malinaw na sinasabi Ko sa inyo? Saan kayo yumukod sa Akin, ang Makapangyarihan sa lahat? Bakit ninyo Ako tinatrato nang ganito? Bakit lahat ng inyong sinasabi at ginagawa ay pumupukaw ng Aking galit? Bakit napakatigas ng inyong mga puso? Pinabagsak Ko ba kayo kahit minsan? Bakit wala kayong ginagawa kundi gawin Akong nalulungkot at nababalisa? Hinihintay ba ninyo ang araw ng poot Ko, si Jehova, na dumating sa inyo? Hinihintay ba ninyo na ipadala Ko ang galit na pinukaw ng inyong pagsuway? Hindi ba ang lahat ng Aking ginagawa ay para sa inyo? Nguni’t laging ang turing ninyo sa Akin, si Jehova, ay ganito: ninanakaw ang Aking mga alay, inuuwi ang mga handog sa Aking altar papunta sa tirahan ng lobo upang pakainin ang mga batang lobo at ang mga anak ng mga batang lobo; lumalaban sa isa’t isa ang mga tao, humaharap sa isa’t isa na may galit sa mga mata at mga tabak at sibat, itinatapon ang mga salita Ko, ang Makapangyarihan sa lahat, sa palikuran upang maging kasing-dungis ng dumi. Nasaan ang inyong integridad? Ang inyong pagkatao ay naging kahayupan! Ang inyong mga puso ay malaon nang mula’t sapul na naging bato. Hindi ba ninyo alam na ang panahon kung kailan dumarating ang araw ng Aking poot ay ang panahon kung

kailan Ko hinahatulan ang masasamang ginawa ninyo sa Akin, ang Makapangyarihan sa lahat, ngayon? Akala ba ninyo na sa pamamagitan ng panlilinlang ninyo sa Akin sa ganitong paraan, sa pagtatapon ng Aking mga salita sa putikan at hindi pagdinig sa mga iyon—iniisip ba ninyo na sa pamamagitan ng pagkilos nang ganito sa Aking likuran kayo ay makatatakas sa Aking napopoot na titig? Hindi ba ninyo alam na kayo ay nakita na ng mga mata Ko, si Jehova, nang ninakaw ninyo ang Aking mga alay at pinagnasaan ang kung anong mayroon Ako? Hindi ba ninyo alam na noong ninakaw ninyo ang Aking mga alay, ginawa ninyo ito sa harapan ng altar kung saan ang mga alay ay inihahandog? Paano ninyo napapaniwalaang sapat ang inyong katusuhan para linlangin Ako sa ganitong paraan? Paano ba maaalis ang Aking nagngangalit na poot sa inyong mga karumal-dumal na kasalanan? Paano ba palalampasin ng Aking ngitngit ang inyong masasamang gawain? Ang kasamaan na inyong ginagawa ngayon ay hindi nagbibigay ng daang palabas para sa inyo, bagkus ito ay nag-iipon ng pagkastigo para sa inyong kinabukasan; pinupukaw nito ang Aking pagkastigo, ang Makapangyarihan sa lahat, patungo sa inyo.

Hinango mula sa “Walang Sinumang May Katawan ang Makakatakas sa Araw ng Poot” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Ang mga Prinsipyo ng Pangangasiwa sa mga Handog sa Bahay ng Diyos

Lahat ng handog na ibinibigay ng mga naniniwala sa Diyos ay eksklusibong pag-aari ng Diyos at hindi pag-aari ng anumang iglesia o ng sinuman. Ang ilang pondo at pag-aari ay maaaring ilaan para gamitin sa gawain ng mga iglesia, ngunit pag-aari pa rin ng tahanan ng Diyos ang mga ito; maaaring gamitin ang mga ito ng sinuman kung kailangan, ngunit hindi dapat gamitin sa mali ang mga ito. Dahil sa laki ng katiwalian ng sangkatauhan, maraming tao ang nagmamahal sa pera at walang anumang nakikita maliban sa sarili nilang mga interes. Dahil dito, mahalagang magtatag ang tahanan ng Diyos ng mahigpit na sistema sa

pangangasiwa ng mga handog. Para magawa ito, malinaw na isinaad na kailangang pumili ng tatlong angkop na indibiduwal para sa responsibilidad na pangasiwaan ang mga handog sa iglesia. Ang mga lider, manggagawa, at mga taong hinirang ng Diyos ay pawang may karapatang pangasiwaan ang mga handog sa iglesia. Ang pagsisiyasat at pangangasiwa sa anumang mga isyu sa mga handog ay responsibilidad ng mga lider ng iglesia. Ang pakikipagtulungan sa nasabing mga imbestigasyon ay dapat ibigay ng mga hinirang ng Diyos. Hindi dapat magbulag-bulagan ang mga lider ng iglesia sa gayong mga usapin, at ituturing silang may kasalanan din kung gagawin nila iyon. Nasa ibaba ang partikular na mga detalye ng mga prinsipyo para sa pangangasiwa sa mga handog sa iglesia:

1. Bawat iglesia ay kailangang maglagay ng isang kahon para sa mga handog. Kailan man o magkano man, ang mga handog ay hindi napapailalim sa anumang mga kundisyon at malayang ginagawa. Tatlong tagapag-ingat ang kailangang hirangin para pamahalaan ang mga handog, tatanggap ng magkakasamang responsibilidad sa pag-iingat sa mga ito, at regular na mag-uulat sa mga lider ng iglesia. Ang paglalabas at paggamit ng pondo ay kailangang gawin ayon sa mga panuntunan sa accounting, at kailangang tiyakin ng tatlong tagapag-ingat ang kalinawan ng mga account para mapabilis ang di-nakaiskedyul na mga inspeksyon ng gobyerno.

2. Sa bawat iglesia, ang mga handog ay kailangang pangasiwaan ng tatlong tao: isa bilang kahera, at dalawa para isagawa ang bookkeeping. Ang pamamahala sa mga handog at account ay hindi dapat isagawa ng iisang tao lamang.

3. Kung matuklasang hindi angkop ang isang tao para sa pag-iingat sa mga handog, kailangan silang palitan kaagad. Kung saan ang paghirang sa di-angkop na mga tao ay humahantong sa pagkawala ng mga handog sa iglesia, kailangang panagutin ang mga lider ng iglesia.

4. Kailangang pamahalaan at gamitin ang pera ng iglesia alinsunod sa mahigpit na mga panuntunan sa accounting. Kapag ipinagkatiwala ng mga lider ng iglesia ang mga handog sa isang tagapag-ingat, kailangang gumawa ng tatlong kopya ng resibo para sa tunay na halaga bilang

katibayan na ang pondo ay naipagkatiwala sa tagapag-ingat na iyon. Hindi dapat sumulat lamang ng isang maikling lista ang mga tagapag-ingat. Kailangang maglabas ang mga tagapag-ingat ng katibayan ng pagtanggap ng pondo para sa nagbayad. Ang paggalaw o paglilipat ng mga handog ng mga lider sa anumang antas ay kailangang saksihan ng dalawa o tatlong lider at mga manggagawa at may kasamang nakasulat na ebidensya, para mapigilan ang pagnanakaw ng mga huwad na lider at anti-cristo. Kung saan nangangailangan ng pera ang gawain ng iglesia, kailangang i-withdraw ng dalawa o tatlong tao ang pondo; hindi ito dapat i-withdraw ng iisang tao lamang. Kung hindi kilala ng tagapag-ingat ang kahit isa lamang sa mga nagwi-withdraw, kailangang hadlangan ang pagwi-withdraw at hindi maaaring ibigay ang pera. Sa bawat okasyon na nagwi-withdraw ng pondo, bawat nagwi-withdraw ay kailangang personal na sumulat ng isang garantiya na kasama ang petsa ng pagwi-withdraw, halaga ng pera, saan gagamitin, at lagda ng nagwi-withdraw. Kailangan ding gumawa ng tatlong kopya ng resibo bilang isang talaan sa accounting, na ang isang kopya ay mapupunta sa bawat taong sangkot dito.

5. Lahat ng kita at gastos ng mga handog sa iglesia ay kailangang itala nang duplikado, na binibigyan ng isang kopya ang bawat isa sa dalawang bookkeeper. Lahat ng account na pinamamahalaan ng mga bookkeeper ay kailangang malinaw na pamahalaan at kailangang suriin kahit kailan o nang buwanan ng mga lider, na dapat beripikahin na ang kita at gastos ng mga handog ay pinamamahalaan ayon sa mga prinsipyo, upang matukoy at malutas kaagad ang mga isyu. Kapag pinalitan ang mga lider at manggagawa, o nadestino sa ibang lugar dahil sa apurahang mga pangangailangan ng gawain, kailangang pasadahan nang malinaw ang mga account sa oras ng paglilipat upang hindi magkaroon ng pagkakataon ang mga taong may masamang motibo na dispalkuhin o gamitin sa mali ang mga handog sa iglesia.

6. Ang mga handog na bigay ng mga taong hinirang ng Diyos ay kailangang ilagay sa kahon para sa mga handog. Kung walang kahon para sa mga handog, kailangang personal na iabot ang handog sa dalawang

lider ng iglesia. Hindi dapat ibigay ang mga handog sa iisang lider lamang. Walang nag-iisang lider o manggagawa ang pinapayagang tumanggap ng handog mula sa isang kapatid; dapat ay dalawang tao man lang ang tumanggap. Pagkatanggap ng handog, kailangang gumawa ang mga lider at manggagawa ng tatlong kopya ng resibo na nakatala ang halaga ng perang nakasulat kapwa sa numero at sa mga titik, petsa ng resibo, at espirituwal na mga pangalan ng mga namamahala sa mga handog. Bawat isa sa mga namamahala ay mag-iingat ng isang kopya. Ang kapatid na nagbigay ng handog ay bibigyan ng isang papel na nagpapatunay na naibigay ang handog sa tahanan ng Diyos.

7. Lahat ng handog na iniingatan ng isang iglesia na ipapasa sa mga nakatataas ay kailangang magkasabay na pamahalaan ng dalawang tao. Ang handog ay hindi dapat kunin ng iisang tao lamang. Kailangang ihatid ng tauhang itinalaga ang handog sa itinakdang lokasyon at hindi dapat dumaan o magtagal sa potensyal na mapanganib na mga lugar. Ang mga taong sakim, matakaw sa pera, at malamang na manamantala, o may utang ang pamilya, ay hindi dapat payagang mangolekta o magpadala ng mga handog o mamahala sa anumang mga usapin para sa tahanan ng Diyos na nasasangkot ang paggastos ng mga handog (tulad ng pagbili ng gamit o pagkuha ng serbisyo para sa iglesia, atbp.).

8. Lahat ng nangongolekta at nagpapadala ng mga handog o may dahilan para gamitin ang mga handog ay kailangang tapat na isulat nang malinaw ang listahan ng ginastos at isa-isang mga account at agad beripikahin ang mga account. Sinumang ayaw magkusang ipaberipika ang mga account ay dapat paghinalaan. Sinumang matuklasan na nandaraya sa mga account ay pakikitunguhan nang mahigpit at kailangang ilayo sa mga handog pagkatapos niyon. Sa malulubhang kaso, dapat silang alisin o itiwalag.

9. Ang mga tagapag-ingat ng mga handog ay kailangang sumunod sa mga prinsipyo at lubos na maging tapat sa Diyos patungkol sa mga handog. Kung matuklasan na nalihis ang mga lider sa mga prinsipyo kapag nagwi-withdraw ng pondo, kailangang hilingin ng mga tagapag-ingat na

sundin nila ang mga prinsipyo. Kung balewalain ng mga lider ang payong ito at pilit na nagwi-withdraw ng mga handog, may karapatan ang mga tagapag-ingat na tumangging iproseso ang pagwi-withdraw hanggang sa makahingi sila ng beripikasyon mula sa nakatataas. Kung matuklasan na lumihis ang mga lider at manggagawa sa mga prinsipyo sa pagwi-withdraw ng pondo at hindi tumanggi ang mga tagapag-ingat na iproseso ang pagwi-withdraw—kung sumunod sila nang walang tanung-tanong, at pikit-matang iniabot ang pera—ito ay isang seryosong paglabag sa mga prinsipyo at lubos na pagwawaksi sa responsibilidad. Sa katangian, walang ipinagkaiba kay Judas ang gayong mga tagapag-ingat, at kailangan silang palitan o alisin. Kung hindi sinusunod ng mga tagapag-ingat ang mga prinsipyo at tinutulutan nilang samantalahin sila ng diyablong si Satanas, hanggang sa mawala ang mga handog sa iglesia, kailangan nilang bayaran ang nabanggit na nawala nang walang pasubali; kung ayaw nilang magbayad, maaari silang alisin o itiwalag.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Ang mga handog sa Diyos ng mga taong hinirang ay eksklusibong pag-aari ng Diyos; hindi ito pag-aari ng sinumang indibiduwal o iglesia at inilalaan at ginagamit ng tahanan ng Diyos. Anumang maling paggamit, pagpapahiram, o paglustay sa mga handog ay itinuturing na pagnanakaw. Walang pinalalampas na kasalanan ang disposisyon ng Diyos: Lahat ng nagnanakaw ng mga handog ay mga Judas, lubha silang makasalanan na kailangang parusahan ng Diyos. Ang gayong mga tao ay malamang na alisin. Kailangan silang parusahan ng tahanan ng Diyos at itala at ipabatid sa lahat ang masasama nilang gawa. Ang pagprotekta sa mga handog sa Diyos ang pinakamahalaga. Kung walang mga prinsipyong mahusay na binuo para maparusahan ang masamang gawa, siguradong sasamantalahin ng diyablong si Satanas ang malalabong prinsipyo. Dahil dito, kailangang magpatupad ng mahihigpit na hakbang ang tahanan ng Diyos sa mga nagnanakaw, naglulustay, o nagiging sanhi ng pagkawala ng

mga handog. Ang gayong mga tao ay kailangang pakitunguhan ayon sa mga sumusunod:

1. Para sa lahat ng nagnanakaw o naglulustay ng mga handog sa Diyos, kung maliit ang nawalang halaga, nagpapakita sila ng pagsisisi, at agad nilang ibinabalik ito, bibigyan sila ng isang demerit. Gayunman, pagkatapos noon, papayagan lamang silang mamuhay ng buhay-iglesia, at hindi pinapayagang kumilos bilang mga lider o manggagawa o gumawa ng mahahalagang tagubilin.

2. Para sa lahat ng nagnanakaw at naglulustay ng mga handog sa Diyos, hindi nagpapakita ng pagsisisi, at ayaw ibalik ang ninakaw, kailangang gawin ng iglesia ang lahat ng hakbang para mabawi ang mga handog, pagkatapos nito ay ititiwalag ang sangkot na mga indibiduwal mula sa iglesia.

3. Kung saan naiwala ng isang tagapag-ingat ang mga handog, kailangang maibalik ito sa loob ng limitadong panahon. Kung maliit ang nawalang halaga at nagpapakita ng pagsisisi ang tao, bibigyan sila ng isang demerit. Kung malaki ang halaga, kailangan nilang bayaran ito. Kung hindi nila ito babayaran, ititiwalag sila mula sa iglesia.

4. Kung sakaling magkaroon ng mga sakunang dulot ng kalikasan o gawa ng tao tulad ng sunog o pagnanakaw, iuurong lamang ang demerit at pagbabayad kung maraming taong magpapatunay na hindi maiiwasan ang insidente. Ang pagnanakaw o pagkasira ng mga handog sa iglesia dahil sa sunog sanhi ng di-wastong pagtatago o pag-iingat dahil sa kawalan ng pagsasaalang-alang na maiwasan ito, ay itinuturing na sanhi ng kawalan ng pananagutan, at kailangang bayaran nang buo. Ang sangkot na mga indibidwal ay iisyuhan din ng isang demerit at pagbabawalang magbantay sa mga handog sa hinaharap.

5. Kung ang pagpili sa mga tagapag-ingat ay hindi napamahalaan ayon sa prinsipyo at humahantong sa paglustay o pagkawala ng mga handog, kailangang panagutin ang mga lider sa antas na iyon. Kahit paano, ang nabanggit na mga lider ay iisyuhan ng isang demerit; kung hindi mababawi ang mga handog, dapat ibalik ng mga lider ang kalahati ng

halaga. Ito ay makatarungan at resonable. Hindi maihihiwalay ang mga lider sa maling pamamahala ng mga tagapag-ingat sa mga handog; kailangang panagutin ang mga lider. Kung ayaw talagang tanggapin ng mga lider ang pananagutan, kailangan silang palitan. Sa malulubhang kaso, kung saan malaking halaga ng mga handog ang nawala, kailangang bayaran nila ang buong halaga at itiwalag sila.

6. Kung pabaya o walang ingat ang sinumang lider sa pamamahala nila sa mga handog, o ginagamit nila ang mga handog para makipag-transaksyon at ipinagkakatiwala ang mga ito sa mga indibiduwal na hindi mapagkakatiwalaan, kailangan silang panagutin, kailangang pawalang-bisa ang kanilang mga tungkulin at obligasyon bilang mga lider, at alisin ang kanilang pagiging karapat-dapat na tumayo bilang isang kandidato sa halalan. Kailangan nilang bayaran nang buo ang anumang nawala, at sa malulubhang kaso ay kailangan silang itiwalag mula sa iglesia.

7. Kung, matapos matuklasan ang isang peligro sa mga handog sa iglesia, hindi kumilos kaagad ang mga lider, diyakono, o tagapag-ingat, at malaking pera ang nawala sa tahanan ng Diyos dahil dito, kailangang panagutin ang mga taong sangkot at ibalik nila nang buo ang nabanggit na mga nawala. Ang gayong mga huwad na lider, huwad na manggagawa, at iba pang gayong mga tao na nagtataksil sa Diyos ay kailangang palitan.

8. Lahat ng lider, diyakono, at tagapag-ingat na namamahala sa mga handog ay kailangang maging tapat sa kanilang mga tungkulin at tapat sa Diyos. Sa anumang pagkakataon, hindi nila dapat lustayin ang mga handog, ibenta ang mga handog sa Diyos, o gamitin ang mga ito para makipag-transaksyon. Sinumang nagbebenta ng mga handog sa Diyos ay nagkakasala nang kasimbigat ng kasalanan ni Judas, at isusumpa. Kailangan din silang itiwalag mula sa iglesia.

Nasa itaas ang walong prinsipyo sa pakikitungo sa mga insidenteng kinasasangkutan ng mga handog sa iglesia. Ang mga ito ay kailangang sundin at ipatupad nang mahigpit ng mga lider at manggagawa sa lahat ng antas. Kahit sino pa sila, sinumang nagiging sanhi ng malubhang insidenteng kinasasangkutan ng mga handog sa iglesia ay kailangang

pakitunguhan nang mahigpit.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

87. Ang Mga Prinspiyo sa Pakikipag-tulungan sa Gawain ng Mga Lider

(1) Hangga't kaya ng mga lider o manggagawa na gumawa ayon sa mga pagsasaayos ng gawain mula sa Itaas, at gamitin ang katotohanan upang lumutas ng mga problema, dapat silang tanggapin at sundin;

(2) Kapag nakasagupa ang mga lider o manggagawa ng mga suliranin sa pag-usad ng kanilang tungkulin, dapat silang bigyan ng mga hinirang na tao ng Diyos ng tulong at suporta, at ipagsanggalang ang gawain ng bahay ng Diyos nang may isang isip at espiritu;

(3) Dapat na matukoy ng tao kapag ang isang lider o manggagawa ay lumalabag sa pagsasaayos ng gawain at, sa halip, gumagawa kung paano nila naisin. Huwag kayong bulag na sumunod sa kanila, sa halip ay isaayos sila sa pamamagitan ng pagbabahagi nang may pagmamahal;

(4) Kung ang isang lider o manggagawa ay pinaratangan nang mali at inatake ng masasamang tao, dapat na manindigan ang tao at ilantad ang mga taong yaon, ipagsanggalang ang gawain ng bahay ng Diyos, at protektahan ang lider o manggagawa.

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Ang lahat ng pinuno at mga manggagawa sa bahay ng Diyos ay napili mula sa loob ng iglesia. Binuhat nila ang pasanin ng pamumuno at pagdidilig sa iglesia, pati na rin ang gawain ng pagpapalaganap ng ebanghelyo. Ang tungkuling ginagampanan nila sa bahay ng Diyos ay para magawa rin kung ano ang ipinagkatiwala sa kanila ng Diyos, upang ang kalooban ng Diyos ay maisakatuparan. Dapat magbigay ng suporta at pagtulong ang lahat para sa kanilang gawain. Kung matuklasan na mayroon silang pagkukulang o lumihis sila sa kanilang gawain, maaaring magbahagi sa kanila at tulungan sila, o kung hindi, tabasan at pakiharapan

sila; hinding-hindi dapat gumamit ng palabang ugali sa kanila. Gayunpaman, may mga taong hindi kayang tratuhin ng maayos ang mga pinuno at mga manggagawa. Nahahanapan nila sila ng kamalian, at minamaliit pa sila, nagsasalita ng masakit, ibinubukod sila, at inaatake sila. Ito ang paghahayag ng kanilang mapagmataas na disposisyon. May ilang mga tao pa nga ang gumagamit ng pagtanggi at pagkapoot sa kanilang pakikitungo sa mga pinuno at mga manggagawa. Ang mga taktikang ito ay gumagambala sa gawain ng Diyos, at ito ay mga ugali ng paglaban at pagtataksil sa Diyos. Ito ay purong paggawa ng kasamaan. Dapat na may kaunawaan ang lahat ng mga hinirang na tao ng Diyos tungkol sa mga gawain ng ganoong uri ng tao; sila ay labis na mapagmataas. Kapag ginagampanan ang kanilang tungkulin, hindi maiiwasan na maghahayag ng kawalan ng kadalisayan o anumang tiwaling disposisyon ang mga pinuno at mga manggagawa. Ito ay ganap na normal na bagay. Hangga't ang kanilang gawain ay makabubuti para sa iglesia, hangga't ito ay kapaki-pakinabang at nakapagpapatibay para sa mga kapatid, dapat na sumuporta at makipagtulungan sa kanila ang sinumang may konsiyensiya at katuturan. Kung ang mga pinuno at mga manggagawa ay gumagawa ng mga bagay na hindi nagbibigay kapakinabangan sa gawain ng bahay ng Diyos o hindi nakaayon sa katotohanan, dapat tayong magsalamuha tungkol sa katotohanan kasama sila upang mapakawalan nila ang ganoong gawain. Ito ay pagtataguyod ng gawain ng Diyos, at ito ay parehong pagiging mapagmahal at matulungin sa kanila. Ito ang pag-uugaling mayroon dapat ang isang tao sa mga pinuno at mga manggagawa. Sa isang banda ay nagbibigay tayo ng suporta at pagtulong, at sa kabilang banda ay makakalutas ng mga suliranin sa pamamagitan ng pagbabahagi tungkol sa katotohanan. Ito ay kapaki-pakinabang sa pangkalahatan, at tanging ang ganitong uri ng paggawa ang nakaayon sa kalooban ng Diyos. Dapat na may matuwid na pag-uugali ang lahat ng tao sa mga pinuno at mga manggagawa, at tumutok sa pagsasaalang-alang ng kalooban ng Diyos at pagtataguyod ng Kanyang gawain. Dapat kaagad na remedyuhan at itama ang anumang nakaraang maling mga pag-uugali o pananaw; hindi

dapat nagagambala ang gawain ng Diyos, at hindi dapat nasasaktan ang Kanyang damdamin. Ito ay isang prinsipyo na dapat isagawa ng lahat ng hinirang na tao ng Diyos.

Hinango mula sa Ang Pagbabahagi mula sa Itaas

Paano ba dapat kikilalanin at pakikitunguhan ng mga hinirang na tao ng Diyos ang mga pinuno at mga manggagawa sa lahat ng antas? Ang tanong na ito ay napakadali talagang maintindihan. Kung ang ginagawa nila ay tunay na tumutustos sa mga hinirang na tao ng Diyos, nagagamit ang katotohanan upang lutasin ang mga praktikal na suliranin ng pagpasok sa buhay ng mga hinirang na tao ng Diyos, at naaakay ang mga hinirang na tao ng Diyos upang pumasok sa tamang landas ng pananampalataya sa Diyos, ang pinuno o manggagawang ito ay kinikilala ng Diyos at sinasang-ayunan ng Diyos bilang isang tao na tunay na naglilingkod sa Kanya. Ang mga ganoong pinuno o manggagawa ay tiyak na may gawain ng Banal na Espiritu at dapat silang itaguyod ng mga hinirang na tao ng Diyos, suportahan sila, at makipagtulungan sa kanila. Lahat ng hindi nagbibigay para sa buhay ng mga hinirang na tao ng Diyos, na hindi umaakay sa mga hinirang na tao ng Diyos upang maunawaan ang katotohanan at makapasok sa realidad, na patuloy na gumagambala sa paghahanap ng katotohanan ng mga hinirang na tao ng Diyos at nililinlang ang mga hinirang na tao ng Diyos upang sila ay sumunod at sundin sila, na patuloy na pinipigil at sinasaktan ang mga hinirang na tao ng Diyos, at walang pakialam kung mabuhay man o mamatay ang mga hinirang na tao ng Diyos, lahat ay mga huwad na pinuno, mga huwad na manggagawa, o mga anticristo na walang gawain ng Banal na Espiritu. Kinasusuklaman at kinamumuhian ng Diyos ang mga taong ito, kaya nga wala sila ng gawain ng Banal na Espiritu. Lubos nitong pinapatunayan na hindi sila kinikilala ng Diyos bilang mga taong naglilingkod sa Diyos. Hindi kinikilala ng Diyos itong mga gumagawa ng masasama, kaya dapat silang kasuklaman ng mga hinirang na tao ng Diyos, ilantad sila, tanggalin sila mula sa kanilang mga puwesto, at tanggihan sila. Ang paggawa nito ay lubos na umaayon

sa kalooban ng Diyos. Ang pagkilala at pakikitungo sa mga huwad na mga pinuno, mga huwad na manggagawa at mga anticristo sa ganitong paraan ay lubos na umaayon sa katotohanan at ganap na tama.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Ang mga pinuno at mga manggagawa sa lahat ng antas sa iglesia ay may pananagutan sa pagdidilig at pagtutustos para sa mga hinirang na tao ng Diyos at pag-aakay sa kanila sa katotohanang realidad. Kung ang mga pagkilos ng mga pinuno at mga manggagawa ay alinsunod sa katotohanang prinsipyo at kapaki-pakinabang sa gawain ng bahay ng Diyos, dapat na itaguyod, suportahan, at makipagtulungan ang mga hinirang na tao ng Diyos sa kanila—ito lamang ang umaayon sa kalooban ng Diyos. Kung, dahil ang isang tao ay may pansariling pagtatangi, buong katigasan ng ulo nilang minamarkahan ang iba bilang huwad na pinuno o huwad na manggagawa dahil sa isang paglabag o isang paghahayag ng katiwalian, o nagsasalita sila na salungat sa mga katotohanan, gumagawa ng mga walang basehang paratang, sinusubukang paratangan ng mali ang ibang tao at gusto lang nilang pahirapan sila, hindi ba sila isang masamang tao na kabilang kay Satanas at mga diyablo kung gayon? Ang mga nakakaunawa sa katotohanan ay dapat na magsalita alinsunod sa mga katotohanan, at higit pa roon ay dapat na ibatay ang kanilang pananaw sa katotohanan at sa mga salita ng Diyos. Kung, dahil sa isang pansariling pagtatangi, inaatake ng isang tao ang isang pinuno o manggagawa na nagpupumilit na kumilos alinsunod sa katotohanang prinsipyo at mayroong kaunawaan ng katarungan, ang ganoong tao ay isang masamang tao na gumagambala sa gawain ng bahay ng Diyos, at ang mga hinirang na tao ng Diyos ay dapat na kaagad na manindigan na patigilin sila, at dapat na pangalagaan ang pinuno o manggagawa. Tanging ito lamang ang pagtayo sa panig ng Diyos at pagtataguyod sa gawain ng Diyos. Ang pagbabawal ng mga huwad na pinuno at mga manggagawa ay ganap na nakaayon sa kalooban ng Diyos; ang lubos na pangangalaga sa mga pinuno at mga

manggagawa na nakaayon sa kalooban ng Diyos, at pagpigil na mapasailalim sila sa mga bitag ng mga puwersang sataniko ay mas higit pang nakaayon sa kalooban ng Diyos. Habang pinagbabawalan ang mga huwad na pinuno at mga manggagawa, walang maling dapat gawin sa isang mabuting tao, ni hindi maaaring palayain ang isang masamang tao. Ito ang paraan upang tumpak na isakatuparan ang mga bagay-bagay ayon sa katotohanang prinsipyo. Tanging ito lamang ang tunay na pagtataguyod sa gawain ng Diyos, at ang ganitong uri ng pagsasagawa ay kapaki-pakinabang para sa mga hinirang na tao ng Diyos. Iibigin at pangangalagaan ng isang mabuting pinuno o mabuting manggagawa ang mga hinirang na tao ng Diyos. Kaya, dapat ding ibigin at pangalagaan ng mga hinirang na tao ng Diyos ang mga mabubuting pinuno at mabubuting manggagawa. Ito ang takdang tungkulin ng mga hinirang na tao ng Diyos.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Ang mga kapatid na nagtataguyod sa katotohanan ay dapat na nakikipag-isa sa mga pinuno at mga manggagawa sa pagpapalaganap ng ebanghelyo ng kaharian ng Diyos, upang marami pang tao na tunay na nananampalataya sa Diyos ang lalapit sa Kanya at tatanggapin ang Kanyang gawain. Kung hindi ito kayang gawin ng isang tao, ibig sabihin, ang kanilang katayuan ay masyadong kapos at wala silang kakayahang gumanap ng mga gawain. Huwag tingnan kung ang isang tao ay perpekto o hindi, kung anong kahinaan ang mayroon sila, o anong uri ng katiwalian ang kanilang inihahayag. Hangga’t sila ay isang taong sumusunod sa katotohanan at itinataguyod ang gawain ng Diyos, sila ay isang taong tumatayo sa panig ng Diyos, at isang taong naglilingkod sa Diyos ng may pagmamahal. Dapat kang makipagkaisa sa ganoong tao, gumagawa at naglilingkod kaagapay nila. Dapat bumawi ang mga tao sa mga pagkukulang ng bawat isa, at sa pamamagitan ng pagbabahagi tungkol sa katotohanan ay tulungan ang bawat isa na makapasok sa realidad at unti-unting itakwil ang kanilang mga tiwaling disposisyon. Ang pagiging

naaayon ang susi! Ng may pinag-isang layunin at direksyon, at sa pamamagitan ng pagkamit ng kasunduan ng magkasama upang matapos ang tagubilin ng Diyos, ang patotoo ng iglesia ay magiging tanyag. Anumang uri ng mga satanikong puwersa ng kalaban ang mayroon, kapag nakikita nila ang ilang tao sa iglesia na magkakaayon sa ganitong paraan, na nagmamahal sa Diyos at tumatayong saksi, sila ay lubusang mapapahiya. Kung nakikita ng isang tao sa iglesia ang mga taong may iisang pag-iisip at palagi nilang nais na gambalain sila at paghiwa-hiwalayin sila, at sila ang maging pinakaimportanteng tao, anong klase ng tao sila? Sila ay mga utusan ni Satanas, isang kampon ng malaking pulang dragon, kasabwat ni Satanas. Ang isang tunay na matinong tao ay mananatili kasama ng mga nagtataguyod sa katotohanan, nagiging isa at pinagsasama-sama ang kanilang mga pagsisikap. Paano man tinrato ninuman ang ganoong matinong tao sa nakaraan, anuman ang mga personal na sama ng loob na mayroon sila o anumang di-pagkakaunawaan ang mayroon sila, hahayaan nila ang kanilang mga kapinsalaan at isasakatuparan ang tagubilin ng Diyos ng may isang puso at isip, at lubos na magmamahal sa Kanya. Ang ganitong uri ng tao ay isang tao na nagsasaalang-alang ng Kanyang kalooban at sumusunod sa Kanyang gawain. Kung ang isang tao ay may ganitong uri ng kapasyahan at nakapagsasagawa sa ganitong paraan, nagpapakita ito na mayroon silang konsiyensiya, katinuan, at pagkatao. Kaya nga, kung may ilang kapatid, at mga pinuno at mga manggagawa sa iglesia na iisa ang puso at isip, at nagkakaisa, nagpapakita ito na ang mga kapatid na iyon ay mayroong katotohanan, na mayroon silang katayugan, at nagsimula na silang pumasok sa realidad. At kapag may isang taong nagsimulang magdulot ng mga kaguluhan, ano ang dapat gawin ng mga tao? Una, dapat nating makilala ang mga tusong pakana ni Satanas, at pagkatapos ay tabasan at pakiharapan ang mga masasamang tao, ilantad at sawayin sila, at tingnan kung mayroon ba silang anumang pagnanais na magsisi o wala. Kung hindi sila magsisisi at walang ipapakitang mga palatandaan ng pagsunod gaano mang pagbabahagi ng katotohanan ang gawin ng isang tao sa

kanila, dapat silang alisin at tanggihan kung gayon.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

88. Ang Mga Prinsipyo sa Paglilingkod sa Diyos

(1) Kinakailangan na magtaglay ng pusong umiibig sa Diyos, magkaroon ng kakayahang magpakita ng malasakit sa kalooban ng Diyos, at, sa lahat ng bagay, magawang hanapin ang katotohanan upang malutas ang mga problema, ipinagsasanggalang ang gawain ng bahay ng Diyos;

(2) Kinakailangan na maging isang taong nagmamahal sa katotohanan at may kakayahang tanggapin ang paghatol at pagkastigo ng Diyos, pati na ang pakikitungo at pagtatabas Niya, at makayanang tunay na magsisi at magsagawa ng katotohanan;

(3) Kinakailangan na magkaroon ng pusong gumagalang sa Diyos, at, sa lahat ng bagay, magkaroon ng kakayahang magnilay sa sarili, binabago ang mga paglabag at pagkakamali sa sandaling madiskubre ang mga iyon, nang sa gayon, ang tao ay nagtatamo ng pag-unlad ng buhay sa lahat ng oras;

(4) Kinakailangan na maging isang matapat na tao sa kabuuan, may pananagutang tumanggap ng tagubilin ng Diyos at gawin nang mabuti ang gawain ng iyong nakalaang bokasyon, sa gayon ay nagagawa mo nang maayos ang iyong tungkulin.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Paano Maglingkod na Kaayon ng Kalooban ng Diyos

(Isang Piniling Kabanata ng Salita ng Diyos)

Kapag naniniwala ang isang tao sa Diyos, paano ba niya talaga Siya dapat paglingkuran? Anong mga kondisyon ang dapat matupad at anong mga katotohanan ang dapat maunawaan ng mga naglilingkod sa Diyos? At saan kayo maaaring malihis sa inyong paglilingkod? Dapat ninyong malaman ang mga sagot sa lahat ng bagay na ito. Ang mga isyung ito ay tungkol sa kung paano kayo nananalig sa Diyos, at kung paano kayo lumalakad tungo sa landas na pinapatnubayan ng Banal na Espiritu at

kung paano kayo nagpapasakop sa mga pagsasaayos ng Diyos sa lahat ng bagay, sa gayo'y tinutulutan kayong maunawaan ang bawa't hakbang ng gawain ng Diyos sa inyo. Kapag naabot na ninyo ang puntong iyon, pahahalagahan ninyo kung ano ang pananampalataya sa Diyos, kung paano manampalataya nang wasto sa Diyos, at kung ano ang dapat ninyong gawin upang kumilos na kaayon ng kalooban ng Diyos. Gagawin ka nitong ganap at lubos na masunurin sa gawain ng Diyos; hindi ka magrereklamo at hindi mo hahatulan, o susuriin, at lalong hindi mo sasaliksikin ang gawain ng Diyos. Dahil dito, magagawa ninyong lahat na maging masunurin sa Diyos hanggang kamatayan, hinahayaan ang Diyos na patnubayan kayo at katayin kayo na parang isang tupa, upang kayong lahat ay maaaring maging mga Pedro ng dekada '90, at maaaring magmahal sa Diyos hanggang sa kasukdulan kahit doon sa krus, nang wala kahit kaunting reklamo. Saka lamang kayo makapamumuhay bilang mga Pedro ng dekada '90.

Ang bawa't isang nakapagpasya na ay maaaring maglingkod sa Diyos—subali't kailangan na yaon lamang masusing pinangangalagaan ang kalooban ng Diyos at nauunawaan ang kalooban ng Diyos ang mga karapat-dapat at may karapatang maglingkod sa Diyos. Natuklasan Ko na ito sa inyo: Maraming tao ang naniniwala na hangga't sila ay masigasig na nagpapalaganap ng ebanghelyo para sa Diyos, humahayo para sa Diyos, gumugugol ng kanilang mga sarili at isinusuko ang mga bagay-bagay para sa Diyos, at iba pa, ito ay paglilingkod sa Diyos. Mas marami pang relihiyosong tao ang naniniwalang ang paglilingkod sa Diyos ay nangangahulugan ng pagbibitbit ng Biblia paroo't parito, pagpapalaganap ng ebanghelyo ng kaharian ng langit at pagliligtas sa mga tao sa pamamagitan ng pag-aakay sa kanila na magsisi at magtapat. Marami ring opisyal ng relihiyon ang nag-iisip na ang paglilingkod sa Diyos ay pangangaral sa mga kapilya matapos makakuha ng mataas na edukasyon at magsanay sa seminaryo, at pagtuturo sa mga tao sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga kasulatan ng Biblia. Higit pa rito, may mga tao rin sa naghihirap na mga rehiyon na naniniwalang ang paglilingkod sa Diyos ay

ang pagpapagaling sa maysakit at pagpapalayas ng mga demonyo sa kanilang mga kapatiran o pananalangin para sa kanila, o paglilingkod sa kanila. Sa gitna ninyo, marami ang naniniwala na ang paglilingkod sa Diyos ay nangangahulugan ng pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, pananalangin sa Diyos araw-araw, pati na ang pagbisita at paggawa ng mga gawain sa mga iglesia saanman. May ibang mga kapatiran na naniniwala na ang paglilingkod sa Diyos ay nangangahulugan ng hindi pag-aasawa kailanman o pagkakaroon ng pamilya at paglalaan ng kanilang buong sarili sa Diyos. Nguni't iilang tao ang nakaaalam kung ano ang aktuwal na kahulugan ng paglilingkod sa Diyos. Bagaman ang mga naglilingkod sa Diyos ay kasindami ng mga bituin sa kalangitan, ang bilang ng mga direktang makapaglilingkod, at mga may kakayahang maglingkod ayon sa kalooban ng Diyos, ay kakaunti—hamak na kakaunti. Bakit Ko sinasabi ito? Sinasabi Ko ito dahil hindi ninyo naiintindihan ang diwa ng pariralang "paglilingkod sa Diyos," at napakababaw ng inyong pagkaunawa hinggil sa kung paano maglingkod ayon sa kalooban ng Diyos. May agarang pangangailangan na maunawaan ng mga tao kung anong uri talaga ng paglilingkod sa Diyos ang maaaring umayon sa Kanyang kalooban.

Kung nais mong maglingkod ayon sa kalooban ng Diyos, kailangan mo munang maunawaan kung anong klaseng mga tao ang nakalulugod sa Diyos, kung anong uri ng mga tao ang kinamumuhian ng Diyos, kung anong uri ng mga tao ang ginagawang perpekto ng Diyos, at kung anong uri ng mga tao ang karapat-dapat na maglingkod sa Diyos. Kahit ang kaalamang ito man lamang ay dapat na maisangkap sa inyo. Dagdag pa rito, dapat mong malaman ang mga mithiin ng gawain ng Diyos, at ang gawain na gagawin ng Diyos ngayon dito. Matapos unawain ito, at sa pamamagitan ng patnubay ng mga salita ng Diyos, dapat muna kayong pumasok, at tumanggap muna ng tagubilin ng Diyos. Kapag aktuwal ninyo nang naranasan ang mga salita ng Diyos, at kapag tunay ninyo nang nalalaman ang gawain ng Diyos, kayo ay magiging karapat-dapat na maglingkod sa Diyos. At kapag kayo ay naglilingkod sa Kanya na

binubuksan ng Diyos ang inyong espirituwal na mga mata, at tinutulutan kayong magkaroon ng higit na pagkaunawa sa Kanyang gawain at mas malinaw itong makita. Kapag pumasok ka sa realidad na ito, ang iyong mga karanasan ay magiging mas malalim at tunay, at ang lahat sa inyo na nagkaroon na ng ganoong mga karanasan ay makakayang lumakad sa mga iglesia at magkaloob sa inyong mga kapatiran, upang ang bawa't isa sa inyo ay makahuhugot ng lakas sa iba upang mapunan ang inyong sariling mga kakulangan, at makapagtamo ng mas mayamang kaalaman sa inyong mga espiritu. Matapos makamit ang epektong ito, saka lamang ninyo makakayang maglingkod ayon sa kalooban ng Diyos at magagawang perpekto ng Diyos sa panahon ng inyong pagseserbisyo.

Yaong naglilingkod sa Diyos ay dapat maging mga kaniig ng Diyos, dapat ay nakalulugod sila sa Diyos, at may kakayahan ng sukdulang katapatan sa Diyos. Ikaw man ay kumikilos sa pribado o sa harap ng publiko, ikaw ay nakatatamo ng kagalakan ng Diyos sa harap ng Diyos, ikaw ay may kakayahang manindigan sa harap ng Diyos, at paano ka man tratuhin ng ibang mga tao, lagi mong tinatahak ang landas na dapat mong tahakin, at masusing pinangangalagaan ang pasanin ng Diyos. Tanging ganitong mga tao ang mga kaniig ng Diyos. Na nakakaya ng mga kaniig ng Diyos na direktang maglingkod sa Kanya ay dahil nabigyan na sila ng dakilang tagubilin ng Diyos, at pasanin ng Diyos, nagagawa nilang damahin ang puso ng Diyos bilang kanila, at dalhin ang pasanin ng Diyos bilang kanila, at hindi nila isinasaalang-alang ang kanilang mga layunin sa hinaharap: Kahit na wala silang mga layunin, at hindi sila makikinabang, sila ay palaging maniniwala sa Diyos nang may mapagmahal na puso. At dahil dito, ang ganitong uri ng tao ay kaniig ng Diyos. Ang mga kaniig ng Diyos ay Kanya ring mga pinagkakatiwalaan; ang mga pinagkakatiwalaan lamang ng Diyos ang magagawang makibahagi sa Kanyang pagkabalisa, at sa Kanyang mga saloobin, at bagaman ang kanilang laman ay makirot at mahina, natitiis nila ang kirot at tinatalikdan yaong kanilang kasiyahan upang mapasaya ang Diyos. Nagbibigay ang Diyos ng mas maraming pasanin sa gayong mga tao, at kung ano ang nais gawin ng Diyos ay

pinatutunayan ng ganoong patotoo ng mga tao. Sa gayon, nakalulugod ang mga taong ito sa Diyos, sila ay mga lingkod ng Diyos na kaayon ng Kanyang sariling puso, at ang mga tao lamang na tulad nito ang maaaring mamuno kasama ng Diyos. Kapag ikaw ay tunay na naging kaniig ng Diyos ay kung kailan ka talaga mamumuno na kasama ng Diyos.

Nagawa ni Jesus na tapusin ang tagubilin ng Diyos—ang gawain ng pagtubos sa buong sangkatauhan—dahil ibinigay Niya ang masusing pangangalaga sa kalooban ng Diyos, nang walang pansariling mga plano at pagsasaayos. Kaya, ganun din, Siya ay kaniig ng Diyos—ang Diyos Mismo, na isang bagay na nauunawaan ninyong lahat nang napakaigi. (Ang totoo, Siya ang Diyos Mismo na pinatotohanan ng Diyos. Binabanggit Ko ito dito upang gamitin ang katunayan ni Jesus upang isalarawan ang usapin.) Nagawa Niyang ilagay ang plano ng pamamahala ng Diyos sa pinakasentro, at palaging nanalangin sa Ama sa langit at hinangad ang kalooban ng Ama sa langit. Nanalangin Siya at nagsabi: “Diyos Ama! Ganapin yaong Iyong kalooban, at kumilos hindi ayon sa Aking mga kagustuhan kundi ayon sa Iyong plano. Maaaring mahina ang tao, nguni’t bakit Ka dapat mag-alala para sa kanya? Paano magiging karapat-dapat ang tao sa Iyong pag-aalala, ang tao na tulad ng isang langgam sa Iyong kamay? Sa Aking puso, nais Ko lamang na tuparin ang Iyong kalooban, at nais Ko na Iyong magagawa ang nais Mong gawin sa Akin ayon sa Iyong sariling mga kagustuhan.” Habang nasa daan patungong Jerusalem, si Jesus ay nagdurusa, na para bang isang kutsilyo ang pinipilipit sa Kanyang puso, subali’t Siya ay wala ni bahagya mang intensyong talikuran ang Kanyang salita; palaging mayroong isang makapangyarihang puwersang humihimok sa Kanya na sumulong kung saan Siya ay ipapako sa krus. Sa kahuli-hulihan, Siya ay ipinako sa krus at naging wangis ng makasalanang laman, tinatapos ang gawain ng pagtubos sa sangkatauhan. Nakawala Siya sa mga gapos ng kamatayan at ng Hades. Sa harap Niya, ang mortalidad, impiyerno, at Hades ay nawalan ng kapangyarihan, at nalupig Niya. Siya ay nabuhay sa loob ng tatlumpu’t tatlong taon, sa kabuuan nito ay palagi Niyang ginawa ang Kanyang makakaya upang tuparin ang

kalooban ng Diyos ayon sa gawain ng Diyos sa panahong iyon, hindi kailanman isinasaalang-alang ang Kanyang pansariling pakinabang o kawalan, at palaging iniisip ang kalooban ng Diyos Ama. Kaya, matapos na Siya ay nabautismuhan, sinabi ng Diyos: “Ito ang sinisinta Kong Anak, na siya Kong lubos na kinalulugdan.” Dahil sa Kanyang serbisyo sa harap ng Diyos na ayon sa kalooban ng Diyos, inilagay ng Diyos ang mabigat na pasanin ng pagtubos sa buong sangkatauhan sa Kanyang mga balikat at pinahayo Siya upang tuparin ito, at Siya ay kwalipikado at nararapat na tumapos sa mahalagang gawaing ito. Sa kabuuan ng Kanyang buhay, tiniis Niya ang di-masusukat na pagdurusa para sa Diyos, at Siya ay tinukso ni Satanas nang di-mabilang na beses, nguni’t Siya ay hindi kailanman pinanghinaan ng loob. Binigyan Siya ng Diyos ng gayong napakalaking gawain dahil ang Diyos ay nagtitiwala sa Kanya, at nagmamahal sa Kanya, at kaya personal na sinabi ng Diyos: “Ito ang sinisinta Kong Anak, na siya Kong lubos na kinalulugdan.” Sa panahong iyon, si Jesus lamang ang maaaring tumupad sa tagubilin na ito, at ito ay isang praktikal na aspeto ng pagtatapos ng Diyos sa Kanyang gawain ng pagtubos sa buong sangkatauhan sa Kapanahunan ng Biyaya.

Kung, katulad ni Jesus, may kakayahan kayo na masusing pangalagaan ang pasanin ng Diyos, at talikuran ang inyong laman, ipagkakatiwala sa inyo ng Diyos ang Kanyang mahahalagang gawain sa inyo, upang inyong matugunan ang mga kondisyon sa paglilingkod sa Diyos. Sa gayong mga pagkakataon lamang kayo mangangahas magsabi na inyong ginagawa ang kalooban ng Diyos at tinatapos ang Kanyang tagubilin, at doon lamang kayo mangangahas magsabi na kayo ay tunay na naglilingkod sa Diyos. Kumpara sa halimbawa ni Jesus, nangangahas ka bang sabihin na ikaw ay kaniig ng Diyos? Nangangahas ka bang sabihin na ginagawa mo ang kalooban ng Diyos? Nangangahas ka bang sabihin na ikaw ay tunay na naglilingkod sa Diyos? Ngayon, hindi mo nauunawaan kung paano paglingkuran ang Diyos, ikaw ba ay nangangahas sabihin na kaniig ka ng Diyos? Kung sinasabi mong ikaw ay naglilingkod sa Diyos, hindi mo ba Siya nilalapastangan? Pag-isipan ito: Ikaw ba ay naglilingkod

sa Diyos, o sa iyong sarili? Naglilingkod ka kay Satanas, nguni't nagmamatigas kang sabihin na naglilingkod ka sa Diyos—sa ganito, hindi mo ba nilalapastangan ang Diyos? Maraming tao sa Aking likuran ang nag-iimbot sa pagpapala ng katayuan, nagpapakasasa sila sa pagkain, mahilig silang matulog at masusing pinangangalagaan ang laman, palaging natatakot na wala nang pag-asa para sa laman. Hindi nila ginagampanan ang kanilang nararapat na tungkulin sa iglesia, bagkus ay sinasamantala ang iglesia, o kaya ay pinagsasabihan ang kanilang mga kapatiran gamit ang Aking mga salita, pinaghaharian ang iba mula sa mga posisyon ng awtoridad. Palaging sinasabi ng mga taong ito na ginagawa nila ang kalooban ng Diyos at palaging sinasabi na sila ay mga kaniig ng Diyos—hindi ba ito katawa-tawa? Kung ikaw ay may tamang mga intensyon, nguni't hindi kayang maglingkod ayon sa kalooban ng Diyos, ikaw ay nagpapakahangal; nguni't kung ang iyong mga intensyon ay hindi tama, at sinasabi mo pa rin na ikaw ay naglilingkod sa Diyos, ikaw ay isang taong sumasalungat sa Diyos, at nararapat kang parusahan ng Diyos! Wala Akong simpatya sa mga ganoong tao! Sa bahay ng Diyos, nagsasamantala sila, palaging nag-iimbot sa mga kaginhawahan ng laman, at walang pagsasaalang-alang sa mga interes ng Diyos. Palagi nilang hinahanap kung ano ang mabuti para sa kanila, at hindi nila iniintindi ang kalooban ng Diyos. Hindi nila tinatanggap ang pagsusuri ng Espiritu ng Diyos sa anumang ginagawa nila. Palagi nilang minamaniobra at nililinlang ang kanilang mga kapatiran, at dalawa ang kanilang mukha, tulad ng isang soro sa ubasan, palaging nagnanakaw ng mga ubas at tinatapak-tapakan ang ubasan. Maaari bang maging mga kaniig ng Diyos ang gayong mga tao? Ikaw ba ay angkop na tumanggap ng mga pagpapala ng Diyos? Hindi ka nagdadala ng pasanin para sa iyong buhay at sa iglesia, ikaw ba ay angkop na tumanggap ng tagubilin ng Diyos? Sino ang mangangahas na magtiwala sa isang katulad mo? Kapag ikaw ay naglilingkod nang ganito, maaari bang mangahas ang Diyos na ipagkatiwala sa iyo ang mas malaking gawain? Hindi ba ito magdudulot ng mga pagkaantala sa gawain?

Sinasabi Ko ito upang inyong malaman kung anong mga kondisyon ang dapat matupad upang maglingkod nang kaayon sa kalooban ng Diyos. Kung hindi ninyo ibinibigay ang inyong puso sa Diyos, kung hindi ninyo binibigyan ng masusing pangangalaga ang kalooban ng Diyos katulad ni Jesus, hindi kayo mapagkakatiwalaan ng Diyos, at hahantong sa paghatol ng Diyos sa huli. Marahil ngayon, sa iyong paglilingkod sa Diyos, palagi kang nagkikimkim ng intensyong linlangin ang Diyos at palagi Siyang pinakikitunguhan nang padalus-dalos. Sa madaling salita, ano't anuman, kung dinadaya mo ang Diyos, malupit na paghatol ang darating sa iyo. Dapat ninyong samantalahin ang pagkakapasok sa tamang landas ng paglilingkod sa Diyos para ibigay muna ang inyong puso sa Diyos, nang walang nahahating katapatan. Ikaw man ay nasa harap ng Diyos, o nasa harap ng ibang tao, ang iyong puso ay dapat laging nakaharap sa Diyos, at dapat mong panindigan na mahalin ang Diyos katulad ni Jesus. Sa paraang ito, gagawin kang perpekto ng Diyos, upang ikaw ay maging tagapaglingkod ng Diyos na kaayon ng Kanyang puso. Kung tunay na nais mong magawang perpekto ng Diyos, at upang ang iyong serbisyo ay maging kaayon ng Kanyang kalooban, dapat mong baguhin ang iyong mga dating pananaw tungkol sa pananampalataya sa Diyos, at baguhin ang dating paraan ng iyong paglilingkod sa Diyos, nang sa gayon ay higit ka pang magawang perpekto ng Diyos. Sa paraang ito, hindi ka tatalikuran ng Diyos, at, katulad ni Pedro, pangungunahan mo yaong nagmamahal sa Diyos. Kung ikaw ay mananatiling walang-pagsisisi, makakamit mo ang katapusang katulad ng kay Judas. Ito ay dapat na maunawaan ng lahat ng naniniwala sa Diyos.

mula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Mula pa sa simula ng gawain Niya sa buong sansinukob, ang Diyos ay nagtalaga na ng maraming tao upang paglingkuran Siya, kabilang ang mga tao mula sa iba't ibang kalagayan sa buhay. Ang layunin Niya ay tuparin ang Kanyang sariling kalooban at tiyaking ang Kanyang gawain sa daigdig ay maisasakatuparan nang maayos; ito ang layunin ng Diyos sa pagpili ng

mga tao na maglilingkod sa Kanya. Dapat maunawaan ng bawat taong naglilingkod sa Diyos ang kalooban Niya. Sa pamamagitan ng Kanyang gawaing ito, mas nakikita ng mga tao ang karunungan ng Diyos at ang Kanyang kapangyarihan na higit sa lahat, at ang mga prinsipyo ng Kanyang gawain sa lupa. Ang Diyos ay tunay na dumating sa lupa upang gawin ang Kanyang gawain, makipag-ugnayan sa mga tao, upang mas malinaw nilang malaman ang Kanyang mga gawa. Ngayon, kayo, itong grupong ito ng mga tao, ay mapalad na nakapaglilingkod sa tunay na Diyos. Ito ay hindi matuos na pagpapala para sa inyo—tunay ngang itinatag kayo ng Diyos. Sa pagpili ng isang tao na maglilingkod sa Kanya, ang Diyos ay laging may sariling mga prinsipyo. Ang paglilingkod sa Diyos ay hindi nangangahulugan, gaya ng naiisip ng tao, na ito ay tungkol lamang sa pagkakaroon ng sigasig. Ngayon nakikita ninyo na ang sinumang naglilingkod sa presensiya ng Diyos ay ginagawa ito dahil nasa kanila ang patnubay ng Diyos at gawa ng Banal na Espiritu, at dahil sila ang mga taong naghahanap ng katotohanan. Ang mga ito ang pinakamababang kondisyon para sa lahat ng nagsisilbi sa Diyos.

Hinango mula sa “Kailangang Ipatigil ang Pagsamba sa Relihiyon” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Hinggil sa gawain, naniniwala ang tao na ang gawain ay pumaroo’t parito para sa Diyos, mangaral sa lahat ng dako, at gumugol para sa Kanyang kapakanan. Bagama’t ang paniniwalang ito ay tama, masyado itong may pinapanigan; ang hinihiling ng Diyos sa tao ay hindi lamang ang magparoo’t parito para sa Diyos; higit pa rito, ang gawaing ito ay may kinalaman sa ministeryo at pagtustos sa loob ng espiritu. Maraming kapatid, kahit pagkaraan nitong lahat ng taon ng karanasan, ang hindi nakaisip na gumawa para sa Diyos, dahil ang gawaing iniisip ng tao ay hindi tumutugma sa hinihiling ng Diyos. Samakatuwid, hindi interesado ang tao sa anupamang patungkol sa gawain, at ito mismo ang dahilan kaya medyo may pinapanigan din ang pagpasok ng tao. Dapat ninyong simulang lahat ang inyong pagpasok sa paggawa para sa Diyos, upang mas mainam

ninyong maranasan ang lahat ng aspeto ng karanasan. Ito ang dapat ninyong pasukin. Ang gawain ay tumutukoy hindi sa pagparoo't parito para sa Diyos, kundi sa kung ang buhay ng tao at ang isinasabuhay ng tao ay nagbibigay ng kasiyahan sa Diyos. Ang gawain ay tumutukoy sa paggamit ng tao ng kanilang katapatan sa Diyos at sa kanilang kaalaman sa Diyos upang magpatotoo tungkol sa Diyos, at magministeryo din sa tao. Ito ang responsibilidad ng tao at ito ang dapat maunawaan ng lahat ng tao. Maaaring sabihin ng isang tao na ang pagpasok ninyo ang inyong gawain, at na naghahangad kayong pumasok sa panahon ng inyong paggawa para sa Diyos. Ang pagdanas sa gawain ng Diyos ay hindi lamang nangangahulugan na marunong kayong kumain at uminom ng Kanyang salita; ang mas mahalaga, kailangan ninyong malaman kung paano magpatotoo tungkol sa Diyos at makapaglingkod sa Diyos at makapagministeryo at makapaglaan sa tao. Ito ang gawain, at ito rin ang inyong pagpasok; ito ang dapat isakatuparan ng bawat tao. Marami ang nakatuon lamang sa pagparoo't parito para sa Diyos at pangangaral sa lahat ng dako, subalit hindi pinapansin ang kanilang personal na karanasan at kinaliligtaan ang kanilang pagpasok sa espirituwal na buhay. Ito ang dahilan kaya yaong mga naglilingkod sa Diyos ay naging yaong mga lumalaban sa Diyos. …

Gumagawa ang isang tao upang palugurin ang kalooban ng Diyos, upang dalhin ang lahat ng kaayon ng puso ng Diyos sa Kanyang harapan, upang dalhin ang tao sa Diyos, at upang ipakilala ang gawain ng Banal na Espiritu at patnubay ng Diyos sa tao, at sa gayon ay napeperpekto ang mga bunga ng gawain ng Diyos. Samakatuwid, mahalagang ganap ninyong malinawan ang diwa ng gawain. Bilang isang taong kinakasangkapan ng Diyos, lahat ng tao ay karapat-dapat na gumawa para sa Diyos, ibig sabihin, lahat ay may pagkakataong kasangkapanin ng Banal na Espiritu. Gayunman, may isang punto kayong kailangang matanto: Kapag ginagawa ng tao ang gawaing itinagubilin ng Diyos, nabigyan na ng pagkakataon ang tao na kasangkapanin ng Diyos, ngunit ang sinasabi at alam ng tao ay hindi ang buong tayog ng tao. Ang tanging magagawa

ninyo ay mas alamin ang inyong mga kakulangan habang ginagawa ninyo ang inyong gawain, at tanggapin ang higit na kaliwanagan mula sa Banal na Espiritu. Sa ganitong paraan, mas mahusay kayong makakapasok sa paggawa ng inyong gawain.

Hinango mula sa “Gawain at Pagpasok (2)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa kanilang gawain, kailangang bigyang-pansin ng mga lider at manggagawa ng iglesia ang dalawang bagay: Ang isa ay ang gawing ganap ang kanilang gawain ayon sa mga prinsipyong nakasaad sa mga pagsasaayos ng gawain, nang hindi kailanman nilalabag ang mga prinsipyong iyon at hindi ibinabatay ang kanilang gawain sa anumang maaari nilang mailarawan sa isip o sa alinman sa mga sarili nilang pag-iisip. Sa lahat ng ginagawa nila, dapat silang magpakita ng malasakit sa gawain ng tahanan ng Diyos, at laging unahin ang kapakanan nito. Isang bagay pa—at ito ang pinakamahalaga—iyon ay sa lahat ng bagay, dapat silang magtuon sa pagsunod sa patnubay ng Banal na Espiritu at gawin ang lahat nang mahigpit na sinusunod ang mga salita ng Diyos. Kung nakakaya mo pa ring salungatin ang patnubay ng Banal na Espiritu, o kung nagmamatigas mo pa ring sinusunod ang mga sarili mong pag-iisip at ginagawa ang mga bagay-bagay ayon sa sarili mong imahinasyon, ang mga kilos mo ang bubuo sa pinakamatinding paglaban sa Diyos. Walang patutunguhan ang madalas mong pagtalikod sa kaliwanagan at patnubay ng Banal na Espiritu. Kung maiwala mo ang gawain ng Banal na Espiritu, hindi mo na magagawang magtrabaho; at kahit pa magawa mong makapagtrabaho kahit paano, wala kang matatapos. Ito ang dalawang pangunahing prinsipyong dapat sundin habang gumagawa: Ang isa ay ang isagawa ang gawain nang ganap na naaayon sa mga pagsasaayos mula sa Itaas, gayundin ang kumilos ayon sa mga prinsipyong naitakda ng nasa Itaas; ang isa pa ay ang sundin sa iyong kalooban ang patnubay ng Banal na Espiritu. Sa sandaling maunawaan mo ang dalawang puntong ito, hindi ka na manganganib na makagawa ng mga pagkakamali.

Hinango mula sa “Ang mga Pangunahing Prinsipyo ng Gawain Para sa mga Lider at

Ano ang pinaka-hindi-katanggap-tanggap sa paglilingkod ng tao sa Diyos? Alam ba ninyo? Laging gusto niyaong mga naglilingkod bilang mga lider na magkaroon ng mas higit na katalinuhan, na maging angat kaysa lahat, na makahanap ng mga bagong pamamaraan upang makita ng Diyos kung gaano talaga ang kanilang kakayahan. Subali’t, hindi sila nagtutuon ng pansin sa pag-unawa ng katotohanan at pagpasok tungo sa realidad ng salita ng Diyos. Lagi nilang gustong magpakitang-gilas; hindi ba’t ito mismo ang kapahayagan ng isang mapagmataas na kalikasan? Sinasabi pa ng iba: “Sa paggawa nito sigurado akong magiging napakasaya ng Diyos; magugustuhan Niya talaga ito. Sa pagkakataong ito, hahayaan kong makita ng Diyos, sosorpresahin ko Siya.” Bunga ng sorpresang ito, naiwala nila ang gawa ng Banal na Espiritu at natatanggal ng Diyos. Huwag mong basta-basta gagawin ang anumang pumapasok sa isip mo. Paano ito magiging ayos kung hindi mo isinasaalang-alang ang mga kahihinatnan ng iyong mga pagkilos? Kapag sinuway mo ang disposisyon ng Diyos, sinuway mo ang Kanyang mga atas-administratibo, at pagkatapos ay tinanggal ka, wala ka nang masasabi. Anuman ang layon mo, sinasadya mo mang gawin iyon o hindi, kung hindi mo nauunawaan ang disposisyon ng Diyos o hindi mo nauunawaan ang Kanyang kalooban, madali mo Siyang masusuway at madali mong masusuway ang Kanyang mga atas-administratibo; isang bagay ito na dapat ingatan ng lahat. Kapag lubha mong sinuway ang mga atas-administratibo ng Diyos o sinuway ang Kanyang disposisyon, hindi isasaalang-alang ng Diyos kung sinadya mo mang gawin iyon o hindi; kailangan mong malinawan ang bagay na ito. Kung hindi mo maunawaan ang isyung ito, garantisadong magkakaroon ka ng problema. Sa paglilingkod sa Diyos, nais ng mga tao na gumawa ng malalaking hakbang, gumawa ng mga dakilang bagay, sumambit ng mga dakilang salita, magsagawa ng dakilang gawain, maglimbag ng makakapal na aklat, magdaos ng malalaking miting at maging mahuhusay na lider. Kung palaging matayog ang ambisyon mo, masusuway mo ang dakilang

mga atas-administratibo ng Diyos; mabilis mamatay ang mga taong katulad nito. Kung hindi ka matuwid, maka-Diyos o maingat sa paglilingkod sa Diyos, sa malao't madali malalabag mo ang mga administratibong kautusan ng Diyos.

Hinango mula sa "Kung Wala ang Katotohanan Madaling Magkasala sa Diyos" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang isang taong tunay na pinaglilingkuran ang Diyos ay isang taong kaayon ng puso ng Diyos, na angkop para gamitin ng Diyos, at na nagagawang bitawan ang mga pagkaunawang pangrelihiyon. Kung nais mong maging mabisa ang pagkain at pag-inom mo ng mga salita ng Diyos, dapat mong bitawan ang mga pagkaunawang pangrelihiyon mo. Kung nais mong paglingkuran ang Diyos, mas lalong kinakailangang bitawan mo muna ang mga pagkaunawang pangrelihiyon at sundin ang mga salita ng Diyos sa lahat ng bagay. Ito ang dapat na taglay ng isang taong pinaglilingkuran ang Diyos. Kung salat ka sa kaalamang ito, sa sandaling maglingkod ka, magdudulot ka ng paggambala at mga kaguluhan, at kung kumakapit ka sa mga palagay mo, walang pagsalang patutumbahin ka ng Diyos, at hindi na kailanmang babangon pa. Tingnan mo ang kasalukuyan, bilang halimbawa: Marami sa mga pagbigkas at gawain sa ngayon ang di-kaayon sa Biblia at sa gawaing dating ginawa ng Diyos, at kung wala kang pagnanais na sumunod, maaari kang bumagsak anumang oras. Kung nais mong maglingkod alinsunod sa kalooban ng Diyos, dapat bitawan mo muna ang mga pagkaunawang pangrelihiyon at iwasto ang sarili mong mga pananaw. Marami sa mga sasabihin ay magiging di-kaayon ng sinabi noong nakalipas, at kung ngayon ay salat ka na sa kaloobang sumunod, hindi mo magagawang lakarin ang landas na hinaharap. Kung ang isa sa mga kaparaanan ng paggawa ng Diyos ay nag-ugat na sa loob mo at hindi mo kailanman binitawan ito, ang kaparaanang ito ang magiging pagkaunawang pangrelihiyon mo. Kung nag-ugat na sa loob mo ang kung ano ang Diyos, nakamit mo na ang katotohanan, at kung ang mga salita at katotohanan ng Diyos ay may kakayahang maging buhay mo, hindi ka na

magkakaroon pa ng mga palagay tungkol sa Diyos. Yaong mga nagtataglay ng tunay na pagkakilala sa Diyos ay hindi magkakaroon ng mga palagay at hindi susunod sa doktrina.

Hinango mula sa “Tanging Yaong mga Nakababatid Lamang ng Gawain ng Diyos Ngayon ang Maaaring Paglingkuran ang Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Maraming naglilingkod sa Diyos sa lakas ng silakbo ng damdamin nila ngunit walang pagkaunawa sa mga atas administratibo ng Diyos, at lalong walang sapantaha tungkol sa mga kahihinatnan ng mga salita Niya. Kaya naman, sa kanilang mabubuting mga layon, madalas silang nakagagawa ng mga bagay na gumagambala sa pamamahala ng Diyos. Sa mga malalang kalagayan, itinatapon sila, pinagkakaitan ng anumang karagdagang pagkakataong sumunod sa Kanya, at itataboy sa impiyerno, at tapos na ang lahat ng pakikisama sa tahanan ng Diyos. Gumagawa ang mga taong ito sa tahanan ng Diyos sa lakas ng mangmang na mabubuting layon nila, at nagtatapos sa pagpapagalit sa disposisyon ng Diyos. Dinadala ng mga tao sa tahanan ng Diyos ang mga paraan nila ng paglilingkod sa mga opisyal at mga panginoon at sinusubukang gamitin ang mga ito, iniisip nang may kahambugan na madaling magagamit ang mga ito dito. Hindi nila kailanman naipagpalagay na walang disposisyon ng tupa ang Diyos, kundi ng isang leon. Samakatuwid, yaong mga nakikisama sa Diyos sa unang pagkakataon ay walang kakayahang makipagtalastasan sa Kanya, sapagkat hindi tulad ng sa tao ang puso ng Diyos. Pagkatapos mo lamang maunawaan ang maraming mga katotohanan atsaka mo patuloy na makikilala ang Diyos. Hindi binubuo ng mga salita at mga doktrina ang kaalamang ito ngunit magagamit bilang kayamanan na sa pamamagitan nito makapapasok ka sa malapit na pagtitiwala ng Diyos, at bilang katibayang nalulugod Siya sa iyo. Kung kulang ka sa realidad ng kaalaman at hindi naaarmasan ng katotohanan, ang maalab mong paglilingkod ay magdadala lamang sa iyo ng pagkamuhi at pagkapoot ng Diyos.

Hinango mula sa “Tatlong Paalaala” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang paglilingkod sa Diyos ay hindi simpleng gawain. Ang mga hindi nagbabago sa kanilang tiwaling disposisyon ay hindi kailanman maaaring maglingkod sa Diyos. Kung ang disposisyon mo ay hindi pa nahatulan at nakastigo ng salita ng Diyos, ang disposisyon mo ay kumakatawan pa rin kay Satanas, na nagpapatunay na pinaglilingkuran mo ang Diyos ayon sa iyong mabuting intensiyon, na ang paglilingkod mo ay batay sa makademonyo mong kalikasan. Naglilingkod ka sa Diyos gamit ang likas mong pagkatao, at ayon sa mga personal mong kagustuhan. Dagdag pa rito, lagi mong naiisip na ang mga bagay na handa kang gawin ay ang mga bagay na nakalulugod sa Diyos, at ang mga bagay na hindi mo nais gawin ay ang mga bagay na kinapopootan Niya; gumagawa ka nang ganap na naaayon sa sarili mong mga kagustuhan. Maaari ba itong matawag na paglilingkod sa Diyos? Sa huli, ang disposisyon mo sa buhay ay hindi magbabago ni katiting; sa halip, mas lalong magiging matigas ang ulo mo dahil sa iyong paglilingkod sa Diyos, na magpapalalim ng iyong tiwaling disposisyon, at dahil dito, mabubuo sa iyong kalooban ang mga alituntunin ukol sa paglilingkod sa Diyos na ang pangunahing batayan ay ang sarili mong pagkatao, at ang mga karanasang nakuha mo mula sa iyong paglilingkod ayon sa sarili mong disposisyon. Ito ang mga karanasan at mga aral ng tao. Ito ang pilosopiya ng tao sa pamumuhay sa mundo. Ang mga taong ganito ay maaaring mapabilang sa mga Fariseo at mga relihiyosong namumuno. Kung hindi sila kailanman magigising at magsisisi, tiyak na magiging mga huwad na Cristo at anticristo ang mga ito na manlilinlang sa mga tao sa mga huling araw. Magmumula sa ganitong mga tao ang binanggit noon na mga huwad na Cristo at anticristo. Kung ang mga naglilingkod sa Diyos ay sumusunod sa sarili nilang pagkatao at kumikilos ayon sa sarili nilang kagustuhan, nanganganib silang mapalayas anumang oras. Ang mga gumagamit ng mga karanasan nila sa paglilingkod sa Diyos sa loob ng maraming taon upang makuha ang puso ng ibang tao, mapangaralan at makontrol sila, at manatiling nakatataas—at hindi kailanman nagsisisi, hindi kailanman nangungumpisal ng kanilang mga kasalanan, hindi kailanman tumalikod sa mga benepisyo ng

posisyon—ang mga taong ito ay malalagas sa harap ng Diyos. Sila ang mga uri ng tao na katulad ni Pablo, umaasa sa pagiging una nila sa panunungkulan at ipinagmamagaling ang kanilang mga kuwalipikasyon. Hindi dadalhin ng Diyos ang mga taong tulad nito sa pagkaperpekto. Ang ganitong uri ng paglilingkod ay humahadlang sa gawain ng Diyos. Ang mga tao ay mahilig kumapit sa luma. Kumakapit sila sa mga paniniwala ng nakaraan, sa mga bagay mula sa nakaraan. Malaking sagabal ito sa kanilang paglilingkod. Kung hindi mo kayang itakwil ang mga ito, magiging hadlang sila buong buhay mo. Hindi ka pupurihin ng Diyos, kahit katiting, kahit pa mabali mo ang iyong mga binti sa pagtakbo o ang iyong likod sa paggawa, kahit pa mapatay ka sa paglilingkod mo sa Diyos. Sa kabaligtaran: sasabihin Niya na ikaw ay isang masamang tao.

Hinango mula sa “Kailangang Ipatigil ang Pagsamba sa Relihiyon” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa relihiyon, maraming taong nagdurusa nang husto sa buong buhay nila: Sinusupil nila ang kanilang katawan at pinapasan ang kanilang krus, at patuloy pa silang nagdurusa at nagtitiis kapag nasa bingit na ng kamatayan! Nag-aayuno pa rin ang ilan sa umaga ng kanilang kamatayan. Buong buhay nila ay pinagkakaitan nila ang kanilang sarili ng masasarap na pagkain at magagarang damit, habang nakatuon sa pagdurusa. Nagagawa nilang supilin ang kanilang katawan at talikuran ang kanilang laman. Kapuri-puri ang sigla nilang magtiis ng pagdurusa. Ngunit ang kanilang pag-iisip, ang kanilang mga kuru-kuro, ang kanilang ugaling pangkaisipan, at tunay ngang ang dati nilang likas na pagkatao, ay hindi pa napakitunguhan kahit kaunti. Wala silang tunay na kaalaman tungkol sa kanilang sarili. Ang larawan ng Diyos na nasa kanilang isipan ay ang tradisyunal at malabong Diyos. Ang matibay na pasiya nilang magdusa para sa Diyos ay nagmumula sa kanilang kasigasigan at mabuting katangian ng kanilang pagkatao. Kahit naniniwala sila sa Diyos, hindi nila Siya nauunawaan ni hindi nila alam ang Kanyang kalooban. Pikit-mata lamang silang gumagawa at nagdurusa para sa Diyos. Hindi nila binibigyan

ng anumang halaga ang pagtukoy, halos walang pakialam kung paano titiyakin na talagang tinutupad ng kanilang paglilingkod ang kalooban ng Diyos, lalo nang wala silang kamalayan kung paano magkamit ng kaalaman tungkol sa Diyos. Ang Diyos na kanilang pinaglilingkuran ay hindi ang Diyos sa Kanyang orihinal na larawan, kundi isang Diyos na inilarawan nila sa kanilang isip, isang Diyos na nabalitaan lamang nila, o nabasa lamang nila sa mga nakasulat na alamat. Pagkatapos ay ginagamit nila ang kanilang mayayabong na imahinasyon at pagiging deboto upang magdusa para sa Diyos at isagawa ang gawain ng Diyos na nais gawin ng Diyos. Lubhang walang katuturan ang kanilang paglilingkod, kaya nga halos walang sinuman sa kanila ang tunay na nagagawang maglingkod sa Diyos alinsunod sa kalooban ng Diyos. Gaano kasaya man silang nagdurusa, ang orihinal nilang pananaw sa paglilingkod at ang larawan ng Diyos sa kanilang isipan ay hindi nagbabago, dahil hindi pa sila nagdaraan sa paghatol, pagkastigo, pagpipino, at pagpeperpekto ng Diyos, ni hindi sila nagabayan ng sinuman gamit ang katotohanan. Kahit naniniwala sila kay Jesus na Tagapagligtas, walang sinuman sa kanila ang nakakita sa Tagapagligtas kailanman. Nalalaman lamang nila ang tungkol sa Kanya sa pamamagitan ng mga alamat at sabi-sabi. Dahil dito, ang kanilang paglilingkod ay katumbas lamang ng walang pinipiling paglilingkod nang nakapikit, tulad ng isang bulag na naglilingkod sa sarili niyang ama. Ano, sa bandang huli, ang makakamit ng gayong uri ng paglilingkod? At sino ang sasang-ayon dito? Mula simula hanggang wakas, ganoon pa rin ang kanilang paglilingkod sa lahat ng dako; tumatanggap lamang sila ng mga aral na gawa ng tao at ibinabatay lamang nila ang kanilang paglilingkod sa kanilang naturalesa at sa kanilang sariling mga kagustuhan. Anong gantimpala ang idudulot nito? Kahit si Pedro, na nakakita kay Jesus, ay hindi alam kung paano maglingkod alinsunod sa kalooban ng Diyos; nalaman lamang niya ito sa bandang huli, noong matanda na siya. Ano ang sinasabi nito tungkol sa mga taong bulag na hindi pa nakaranas ng kahit kaunting pakikitungo o pagtatabas, at walang sinumang gumagabay sa kanila? Hindi ba kagaya nang sa mga taong bulag na ito ang paglilingkod

ng marami sa inyo ngayon? Lahat ng hindi pa nakatanggap ng paghatol, hindi pa nakatanggap ng pagtatabas at pakikitungo, at hindi pa nagbago—hindi ba lahat sila ay hindi pa lubusang nalupig? Ano ang silbi ng gayong mga tao? Kung ang iyong pag-iisip, iyong kaalaman tungkol sa buhay, at iyong kaalaman tungkol sa Diyos ay hindi nagpapakita ng pagbabago at wala ka talagang napapala, hindi ka magkakamit kailanman ng anumang pambihira sa iyong paglilingkod!

Hinango mula sa “Ang Katotohanang Nakapaloob sa Gawain ng Panlulupig (3)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Isipin kung paano naranasan ni Pedro ang gawain ni Jesus: Sa simula, tinanggap niya ang kaliwanagan ng Banal na Espiritu at kinausap si Jesus, sinasabing: “Ikaw ang Cristo, Ang anak ng Diyos na buhay.” Sa sandaling naliwanagan siya ng Banal na Espiritu, nakakuha siya ng ilang pananaw, at napuno ng liwanag ang kanyang puso. Bagaman wala siyang mas malalim na pag-unawa sa usaping ito sa panahong iyon, hinangad niyang maunawaan ang Diyos, at nagsimula sa tamang landas ng paglilingkod sa Diyos. Ang paglilingkod sa Diyos ay ang pinakamaluwalhating bagay, at isa ring pinakamapanganib na bagay, sapagkat tiwali at mapanghimagsik ang mga tao—sa sandaling maligaw sila, nilalabanan nila ang Diyos. Naglilingkod ang mga tao sa Diyos, hindi sa ibang tao. Ang daang tinahak ni Pedro ay ang tamang daan, at ang Siyang pinaglingkuran niya ay ang Panginoong Jesus at hindi isang malabong Diyos. Gayunpaman, naiiba si Pablo. Hindi niya kinilalang si Jesus ang Cristo. Walang tigil niyang hinabol ang mga alagad ni Jesus. Matapos niyang masaksihan ang paglabas ng malaking liwanag at mahagupit, hindi pa rin natanto ni Pablo na ang Diyos ang Panginoon ng lahat ng bagay, ni ang Panginoong Jesus ay Diyos na nahayag, ni hindi niya alam kung paano dapat sundin ng tao ang Diyos. Wala siyang normal na paraan ng pangangatuwiran; mula sa simula hanggang sa wakas, nagkimkim siya ng mapagmataas na kaisipan: "Kung gaano karami ang ibigay ko sa Iyo, dapat Mo akong bigyan; kung gaano kalaki ang halaga sa akin, iyon ang dapat Mong igantimpala sa akin bilang

kapalit. ” Ang Kanyang gawain, mula simula hanggang wakas, ay pinamamahalaan ng ganitong uri ng pag-iisip, kaya, sa kanyang puso, wala kailanmang naging paggalang sa Diyos, ni takot sa Kanya. Pag-isipan ang tono ng kanyang mga salita: “Nakipagbaka ako ng mabuting pakikipagbaka,”—Nakipagbaka ako sa labang hinayaan Mong labanan ko; “natapos ko na ang aking takbo,”—Natakbo ko ang daang sinabi Mong takbuhin ko; "Iningatan ko ang pananampalataya"—hindi ba painaingatan Mo sa akin ito? Iningatan ko ito, kaya't hindi ba dapat ay ilaan sa akin ang maluwalhating korona? Hindi ba ito ang kanyang tono? Hindi siya siyempre masyadong makapagsalita nang tahasan sa loob ng kasulatan. Nagsalita siya nang hindi gaanong tuwiran at medyo patago, ngunit ang mga ideyang ito ang lakas ng kanyang isinulat. Ano ang nangyari sa huli? Kailangan pa rin siyang maparusahan. Dapat ninyong makita nang malinaw ang mga pagpapasyang dapat gawin ng tao sa landas ng paglilingkod sa Diyos, ang landas ng paniniwala sa Diyos—tingnan kung ano ang mga paraan ng paglilingkod sa Diyos ni Pablo, at kung ano ang mga paraan ng paniniwala ni Pablo, at kung paano makapaglilingkod ang isang tao sa Diyos nang may kabanalan ni Pedro. Mayroong landas na dapat sundin ng mga nilalang sa kanilang pagsamba sa Diyos; dapat mong piliin ang tamang landas at hangarin ang tamang layunin. Huwag maguluhan, masikap na lumakad, sa matatag na lupa, na may linaw sa paningin. Mapanganib para sa iyong maglakad nang walang tiyak na direksyon; ang paggawa nito ay tiyak na malalabag mo ang mga atas administratibo ng Diyos o maghahayag ka ng mga salita ng pagrereklamo balang araw.

Hinango mula sa “Upang Maglingkod sa Diyos Dapat Lumakad ang Isang Tao sa Landas ni Pedro” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

89. Ang Mga Prinsipyo sa Pakikipag-ugnayan sa Paglilingkod

(1) Tratuhin nang patas ang ibang tao. Basta’t ang tao ay hindi masamang tao, hindi di-makatuwirang tao, o hindi masamang espiritu, maaari kang magsagawa ng pakikipag-ugnayan sa kanila. Ang pagtrato sa

ibang tao nang may pagmamahal ay isang pangunahing prinsipyo;

(2) Kinakailangang matutuhang magpasakop sa katotohanan. Sinumang nagsasalita nang naaayon sa katotohanan ay dapat na tanggapin at sundin, at dapat na hanapin ang katotohanan upang lutasin ang mga problema, sino man ang mayroon noon;

(3) Kinakailangang matutuhang magsagawa ng pagninilay sa sarili at kilalanin ang sarili. Una, ituwid ang iyong pagmamataas at pagmamagaling, ang iyong katigasan ng ulo at kahalayan, at ang mga kagustuhan ng iyong laman. Sa gayon lang makakasundo ng tao ang iba;

(4) Kinakailangang itaguyod ang prinsipyo sa pagsasanggalang sa gawain ng bahay ng Diyos. Kapag may problema sa pakikipag-ugnayan, tulungan ang iba nang may pagmamahal; kung ang problema ay malala na na imposible na ang pakikipag-ugnayan, maaring ipawalang-bisa ang pakikipag-ugnayan.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Kung nais mong tuparin nang angkop ang iyong mga tungkulin at palugurin ang kalooban ng Diyos, kailangan mo munang matutong makisama nang maayos sa iba. Kapag nakikipag-ugma ka sa iyong mga kapatid, dapat mong isipin ang mga sumusunod: Ano ang maayos na pagsasamahan? Maayos ba ang paraan ng pagsasalita ko sa kanila? Humahantong ba ang aking mga iniisip sa maayos na pakikisama sa kanila? Humahantong ba ang paraan ng paggawa ko ng mga bagay-bagay sa maayos na pakikisama sa kanila? Isipin kung paano maging maayos ang inyong pagsasamahan. Paminsan-minsan, ang pagkakaroon ng maayos na pagsasamahan ay kinapapalooban ng pagtitimpi at pagpaparaya, ngunit kasama rin dito ang paninindigan at pagtatanggol sa mga prinsipyo; hindi ito nangangahulugan na makipagkasundong anuman ang mga prinsipyo, o pagsisikap na maging “mabait,” o pananatiling mahinahon. Lalo nang hindi ito nangangahulugan na manuyo ka sa isang tao. Ito ang mga prinsipyo. Kapag naunawaan mo na ang mga prinsipyong ito, kikilos ka, nang hindi mo namamalayan, alinsunod sa kalooban ng Diyos, at ipamumuhay mo rin ang realidad ng katotohanan; sa ganitong

paraan, magkakaisa kayo ng iyong mga kapatid. Sa kanilang mga pakikihalubilo sa isa't isa, kapag umaasa ang mga tao sa mga pilosopiya sa pamumuhay, sa kanilang mga pagkaintindi, ideya, hangarin, at pagkamakasarili, at sa sarili nilang mga kakayahan, kaloob, espesyalidad, at katalinuhan, lubos silang walang kakayahang magkaisa sa harap ng Diyos. Dahil nabubuhay at gumagawa sila ng mga bagay ayon sa tiwali at napakasamang disposisyon, hindi sila magkaisa. Ano ang ibubunga nito sa huli? Hindi gumagawa ang Diyos sa kanila. Kapag hindi Siya gumagawa sa kanila, at patuloy silang umaasa sa kaunti nilang mga kakayahan, katalinuhan, at espesyalidad, at sa kakatiting na kaalaman at kasanayang natamo nila, hirap na hirap silang lubos na maging kasangkapan sa tahanan ng Diyos, at hirap na hirap din silang kumilos alinsunod sa Kanyang kalooban, sapagkat kung hindi gumagawa ang Diyos sa iyo, hindi mo mauunawaan kailanman ang mga prinsipyo ng pagsasagawa ng katotohanan o ng paggawa ng mga bagay-bagay; ibig sabihin, hindi mo mauunawaan kailanman ang pinakadiwa o ugat ng mga prinsipyo sa likod ng tungkuling ginagampanan mo, ni hindi mo malalaman kung paano kumilos nang naaayon sa kalooban ng Diyos o kung ano ang gagawin upang dulutan Siya ng kagalakan. Hindi mo rin malalaman kung paano kumilos nang naaayon sa mga prinsipyo ng katotohanan. Hindi mo nauunawaan ang mahahalagang bagay na ito; wala kang ideya. Ang iyong litong mga pagtatangkang tuparin ang iyong tungkulin ay malamang na mabigo, at tiyak na tatanggihan ka ng Diyos.

Hinango mula sa "Tungkol sa Matiwasay na Pakikipag-ugnayan" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Anuman ang gawin mo, kailangan mong matutong hanapin at sundin ang katotohanan doon. Hangga't kumikilos ka alinsunod sa katotohanan, kumikilos ka nang tama. Kahit na isang bata ang nagmungkahi noon, o ang pinakahindi kapansin-pansing batang kapatid, habang ang sinasabi nila ay tumatalima sa katotohanan, ang ginagawa mo ay magkakaroon ng mabuting kalalabasan, at tatalima ito sa kalooban ng Diyos. Ang

pangangasiwa sa isang bagay ay nakabatay sa iyong simbuyo at sa iyong mga prinsipyo sa pangangasiwa doon. Kung ang iyong mga prinsipyo ay nagmumula sa kalooban ng tao; kung nagmumula ang mga ito sa mga pantaong kaisipan, palagay, o pag-iisip; o kung nanggagaling ang mga ito sa mga pantaong damdamin at pananaw, ang pangangasiwa mo sa bagay na ito ay magiging mali, dahil ang pagmumulan nito ay mali. Kapag ang mga pagtingin mo ay batay sa mga prinsipyo ng katotohanan, at pinangangasiwaan mo ang mga bagay alinsunod sa mga katotohanang prinsipyo, siguradong mapangangasiwaan mo ang kasalukuyang usapin nang tama. Minsan, hindi matatanggap ng ibang tao ang pangangasiwa mo sa bagay sa kasalukuyan, at, sa mga panahong iyon, tila may sarili silang mga palagay, o ang puso nila ay maguguluhan. Gayunman, matapos ang ilang panahon, mapatutunayang tama ka. Ang mga bagay na tumatalima sa kalooban ng Diyos ay magmumukhang mas mabuti sa paglipas ng panahon; subalit ang kalalabasan ng mga bagay na hindi tumatalima sa kalooban ng Diyos—ang mga bagay na sang-ayon sa kalooban ng tao at gawa ng tao—ay lumalala sa paglipas ng panahon, at lahat ay mapatutunayang ganoon nga. Kapag kumilos ka, huwag mong alalahanin kung kaninong paraan ang dapat o hindi dapat na gumabay sa iyo, at huwag kang gumawa ng mga palagay. Una sa lahat, dapat kang maghangad at magdasal, at pagkatapos ay sumulong ka nang dahan-dahan, at makisalamuha sa lahat. Ano ang layunin ng pakikisalamuha? Binibigyang kakayanan nitong gawin ng isang tao ang mga bagay sa tiyak na pagsang-ayon sa kalooban ng Diyos, at kumilos nang naaayon sa kalooban ng Diyos. Tila isa itong maringal na paraan ng pagpapaliwanag nito; sabihin nating binibigyang kakayanan nito na pangasiwaan ang mga gawain sa isang tiyak na pagsang-ayon sa mga katotohanang prinsipyo—tila mas tunay ito. Kung makakamit mo ito, puwede na iyon.

Hinango mula sa “Ang Landas sa Pagtutuwid ng Tiwaling Disposisyon” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Itinataas ng Diyos ang mga nangangailangan mula sa alabok;

kailangang itaas ang mga mapagkumbaba. Gagamitin Ko ang Aking karunungan sa lahat ng anyo nito upang pamahalaan ang pandaigdigang iglesia, upang pamahalaan ang lahat ng bansa at lahat ng bayan, upang lahat sila ay nasa Aking kalooban, at upang lahat kayong nasa iglesia ay maaaring magpasakop sa Akin. Yaong mga hindi sumunod noon ay kailangang maging masunurin ngayon sa Aking harapan, kailangang magpasakop sa isa't isa, tiisin ang isa't isa; kailangang magkaugnay-ugnay ang inyong buhay, at kailangan ninyong magmahalan, na lahat ay humuhugot sa magagandang katangian ng bawat isa upang makabawi sa sarili nilang mga kahinaan, at naglilingkod nang may koordinasyon. Sa ganitong paraan itatayo ang iglesia, at mawawalan ng pagkakataon si Satanas na magsamantala. Saka lamang hindi mabibigo ang Aking plano ng pamamahala. Bibigyan Ko kayo ng isa pang paalala rito. Huwag mong tulutang magkaroon ng mga maling pagkaunawa sa iyo dahil si-ganito-at-si-ganyan ay ganito, o kumilos nang ganito-at-ganyan, na ang resulta ay nagiging masama ang iyong espirituwal na kundisyon. Sa tingin Ko, hindi ito angkop, at ito ay isang walang-kabuluhang bagay. Hindi ba ang Diyos yaong Isa na pinaniniwalaan mo? Hindi iyon kung sinong tao. Hindi magkapareho ang mga tungkulin. May isang katawan. Bawat isa'y ginagawa ang kanyang tungkulin, bawat isa'y nasa kanyang lugar at ginagawa ang kanyang buong makakaya—para sa bawat siklab may isang kislap ng liwanag—at naghahangad na lumago sa buhay. Sa gayon Ako ay masisiyahan.

Hinango mula sa "Kabanata 21" ng Mga Pagbigkas ni Cristo sa Pasimula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung gusto mong pagsumikapang gawin ang tama para sa katotohanan, una sa lahat, hindi mo dapat bigyan si Satanas ng anumang pagkakataon na gumawa—sa layuning ito, kailangan ninyong maging isa sa isipan at kayang maglingkod nang may koordinasyon, iwanan ang lahat ng sarili ninyong pagkaunawa, opinyon, pananaw at paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay, payapain ang puso ninyo sa loob Ko, magtuon sa

tinig ng Banal na Espiritu, pagtuunan ng pansin ang gawain ng Banal na Espiritu, at danasin ang mga salita ng Diyos nang detalyado. Dapat kang magkaroon ng isang intensyon lamang, ang mangyari ang kalooban Ko. Wala ka dapat na iba pang intensyon bukod dito. Dapat kang tumingin sa Akin nang buong puso, masdang mabuti ang Aking mga pagkilos at ang paraan ng paggawa Ko ng mga bagay-bagay, at huwag maging pabaya sa anumang paraan. Dapat na matalas ang espiritu mo at bukas ang iyong mga mata. Karaniwan, pagdating sa mga hindi tama ang mga intensyon at layunin, pati na rin ang mga gustong nakikita ng iba, na mga sabik gumawa ng mga bagay-bagay, na mga malamang magdulot ng mga pagkagambala, na magagaling manalumpati ng mga relihiyosong doktrina, na mga kampon ni Satanas, at iba pa—kapag tumatayo ang mga taong ito, nagiging suliranin sila para sa iglesia, at napupunta sa wala ang pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos ng mga kapatid. Kapag nakatagpo kayo ng ganitong uri ng mga taong nagkukunwari, agad na pagbawalan sila. Kung, sa kabila ng paulit-ulit na mga pagpapaalaala, hindi sila nagbabago, daranas sila ng kawalan. Kung ang mga nagmamatigas na ipilit ang kanilang paraan ay magtatangkang ipagtanggol ang kanilang sarili at susubukang pagtakpan ang kanilang mga kasalanan, dapat silang agad na tanggalin ng iglesia at huwag bigyan ng lugar para magmaniobra. Huwag mawalan ng marami sa pagsisikap na magligtas ng kaunti; at ituon ang pansin sa kabuuan.

Hinango mula sa “Kabanata 17” ng Mga Pagbigkas ni Cristo sa Pasimula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kapag nakikipag-ugnayan kayo sa iba upang matupad ang inyong tungkulin, nagagawa ba ninyong maging bukas sa nagkakaiba-ibang opinyon? Matatanggap ba ninyo kung ano ang sinasabi ng iba? (Nakasanayan ko nang laging panghawakan ang sarili kong mga ideya, subalit pagkatapos kong malantad sa mga sitwasyong isinaayos ng Diyos, nakita ko na kapag nagkasama-sama ang lahat at nagtalakayan tungkol sa mga bagay, madalas naming naiisip kung ano ang tama, at sa maraming

pagkakataon ang pansarili kong pananaw ang mali o nagkulang. Napagtanto ko kung gaano kahalaga na gumawa nang matiwasay kasama ng iba.) At ano ang natutuhan ninyo mula rito? Palagay mo ba may taong perpekto? Gaano man kalakas ang mga tao, o gaano man sila kahusay at katalino, hindi pa rin sila perpekto. Kailangan itong tanggapin ng mga tao; ito ay totoo. Ito rin ang pinakaangkop na saloobin ng sinuman na tama ang pagtingin sa kanilang mga kalakasan at kalamangan o mga kamalian; ito ang pangangatwirang dapat taglayin ng mga tao. Sa gayong pangangatwiran, maaari mong harapin nang wasto ang iyong sariling mga kalakasan at kahinaan pati na ang sa iba, at ito ang magbibigay sa iyo ng kakayahang makipagtulungan nang maayos sa kanila. Kung nasasandatahan ka ng aspetong ito ng katotohanan at makakapasok ka sa realidad nito, makakaya mong makisama nang maayos sa iyong mga kapatid, na humuhugot ng lakas sa magagandang katangian ng isa't isa upang mapunan ang anumang mga kahinaang mayroon ka. Sa ganitong paraan, anumang tungkulin ang iyong ginagampanan o anuman ang iyong ginagawa, lagi kang magiging mas mahusay roon at pagpapalain ka ng Diyos. Kung lagi mong iniisip na talagang mahusay ka at mas malala ang iba kung ikukumpara sa iyo, at kung lagi mong nais na ikaw ang siyang may huling salita, kung gayon, magiging magulo ito. Maaaring may masabing tama ang isang tao, ngunit iniisip mo na, "Kahit na tama ang nasabi niya, kung sasang-ayunan ko siya, ano na lamang ang iisipin ng iba tungkol sa akin? Hindi ba't mangangahulugan na hindi ako kasinghusay niya? Hindi ko siya masasang-ayunan. Dapat makahanap ako ng paraan upang hindi malaman ng iba na sinusunod ko ang kanyang payo, at ilalagay ko sa isipan nila na ginagawa ko ito sa sarili kong paraan; sa gayon, magiging mataas ang tingin nila sa akin." Kung ganito mo lagi pinakikitunguhan ang ibang tao, matatawag mo ba ito na matiwasay na pakikipagtulungan? Ano ang magiging masasamang epekto nito? Sa paglipas ng panahon, makikita ng iba kung sino ka talaga. Sasabihin ng mga tao na masyado kang tuso, na hindi ka kumikilos nang naaayon sa katotohanan, at hindi ka matapat. Kamumuhian ka ng lahat ng tao, at

malamang na tatalikuran ka nila. Paano itinuturing ng Diyos ang sinuman na tinalikuran ng lahat? Kinamumuhian din siya ng Diyos. Bakit niya kinamumuhian ang ganitong uri ng tao? Maaaring tapat ang pagsisikap ng ganitong tao na tuparin ang kanyang tungkulin, subalit anong uri ng pamamaraan ito? Kinamumuhian ito ng Diyos. Kasuklam-suklam sa Diyos ang disposisyon na ibinunyag ng ganitong uri ng tao sa harapan ng Diyos, lahat ng nasa puso at isip niya, at lahat ng kanyang intensyon; kasuklam-suklam at masama ang mga ito sa paningin ng Diyos. Ang paggamit ng lubhang hindi kaaya-ayang mga pamamaraan at katusuhan upang makamit ang sariling mga layunin at upang makuha ang paghanga ng iba ay ang uri ng pag-uugali na kinamumuhian ng Diyos.

Hinango mula sa "Sa Pagsasagawa Lamang ng Katotohanan Maaaring Magtaglay ang Tao ng Normal na Pagkatao" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ano ba ang matiwasay na pakikipag-ugnayan? Gawin mo ang iyong trabaho at gagawin ko naman ang sa akin; tapusin mo ang sa iyo at tatapusin ko naman ang sa akin. Gagawin ng bawat isa sa atin ang sarili nating trabaho, at walang malinaw na pagkakaintindihan sa pagitan natin; walang pag-uusap ni pakikisalamuha. Wala tayong naabot na anumang uri ng pagkakaintindihan sa isa't isa. Sadyang alam lang natin sa kaibuturan natin na, "Tinutupad ko ang aking tungkulin at tinutupad mo din naman ang sa iyo; isinasakatuparan mo ang sa iyo at isasakatuparan ko naman ang sa akin. Anuman ang gawin mo ay wala akong pakialam, at anumang gawin ko ay wala ka ring pakialam. Hindi natin pinakikialaman ang isa't isa, at hindi natin inaabala o iniimpluwensyahan ang isa't isa. Ganoon ba ang matiwasay na pakikipag-ugnayan? Sa panlabas, aakalain mo na walang salungatan o mga reklamo sa pagitan ng dalawang tao na gaya nito; para bang hindi sila nakikialam sa isa't isa, o kinokontrol o nililimitahan ang isa't isa. Gayunman, kung pag-uusapan ay espirituwal, walang matiwasay na pakikipag-ugnayan sa pagitan nila; wala silang malinaw na pagkakaintindihan o malasakit para sa isa't isa. Pawang ang nangyayari ay ibinubuhos ng bawat isa sa kanila ang kanilang pagsisikap sa sarili nilang

trabaho, at indibidwal na nagsusumikap, nang walang anumang pakikipag-ugnayan. Ito nga ba ay isang mabuting paraan ng paggawa? Hindi ito isang mabuting paraan ng paggawa. Para bang wala ni isa ang pinamamahalaan ang kasama, wala ni isa ang nakikinig ni pumapatnubay sa kasama, at hindi nila tinutulungan ang isa't isa. Maaaring tila makatuwiran silang mag-isip, subalit isang tiwaling disposisyon ang nasa bawat isa sa kanila. Alam mo ba kung anong disposisyon iyon? Ito ay dahil sa kapwa sila nagpapaligsahan upang makapuwesto sa unahan, at ganap na kulang sila sa pagmamahal, malasakit, at pagkukusa upang makatulong sa iba. Walang matiwasay na koordinasyon sa ganitong paraan. Kung walang pakikipag-ugnayan sa iba, lumalaban ka na nag-iisa sa isang solong labanan, at marami sa mga bagay na ginagawa mo ay hindi magiging ganoon kaperpekto o kakumpleto. Hindi ito ang uri ng kalagayan na gustong makita ng Diyos sa mga tao; hindi ito nakalulugod sa Kanya.

Hinango mula sa "Tungkol sa Matiwasay na Pakikipag-ugnayan" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Anong dapat gawin ng mga tao upang maging kapaki-pakinabang kapag gumagawang kasama ng iba? Ang punan at ipapansin ang mga pagkukulang ng isa't isa, bantayan ang isa't isa, maghanap at magsanggunian sa isa't isa. Ang ipapansin ang mga bagay-bagay sa isa't isa ay isang bahagi ng paggawang kasama ang iba. Maaaring sabihin ng isang tao na, "Ginagawa mo ito nang mali, hindi mo hinahanap ang katotohanan. Bakit ganoon ka na lamang kabilis sa mga sinasabi mo at sa paraan ng pagharap mo rito?" At pagkarinig nito, sasabihin nila, "Naku! Mapalad na ipinapansin mo iyon—kung hindi, nakapagbunga ito ng sakuna." At paano naman ang pagbabantay sa isa't isa? Para sa bawat tao, may mga pagkakataon upang magkamali, maging walang-malasakit, hindi isaalang-alang ang mga interes ng bahay ng Diyos, maging pasaway, o maging masuwayin. Kapag may isang tao kang nakikitang nagpapakitang-gilas, pinoprotektahan ang sarili nilang katayuan at hindi isinasaalang-alang ang interes ng bahay ng Diyos, iniingatan lamang ang

kanilang sariling reputasyon, sa gayong mga sandali dapat mong ipresenta ang iyong sarili, makipagbahagi sa kanila, at tanggapin ito bilang isang babala na rin sa iyong sarili. Hindi ba't ito ang kahulugan ng batayan ang isa't isa? Ano ang pakikinabangin ng pagbabantay sa isa't isa? Ito'y upang maprotektahan ang interes ng bahay ng Diyos at huwag maligaw ang mga tao.

Hinango mula sa "Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (8)" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang hinihingi sa inyo ngayon—ang gumawa nang magkakasama na may pagkakaisa—ay katulad ng paglilingkod na hiningi ni Jehova sa mga Israelita: Kung hindi, tumigil na lang kayo sa paglilingkod. Dahil mga tao kayong direktang naglilingkod sa Diyos, dapat man lang na mayroon kayong kakayahang maging tapat at mapagpasakop sa inyong paglilingkod, at dapat din may kakayahang matuto ng mga aral sa isang praktikal na paraan. Lalo na sa inyong gumagawa sa iglesia, mangangahas ba ang sinuman sa mga kapatid na mas mababa ang posisyon sa inyo na pakitunguhan kayo? Mangangahas ba ang sinuman na sabihin sa inyo nang harapan ang mga kamalian ninyo? Nakatayo kayo nang mas mataas kaysa sa lahat ng iba; namamahala nga kayo bilang mga hari! Ni hindi nga kayo nag-aaral o pumapasok sa ganitong mga uri ng mga praktikal na aral, subalit nagsasalita pa rin kayo tungkol sa paglilingkod sa Diyos! Sa kasalukuyan, hinihingi sa iyo na mamuno sa ilang iglesia, ngunit hindi mo lang hindi isinusuko ang sarili mo, kumakapit ka pa sa sarili mong mga palagay at palagay, nagsasabi ng mga bagay-bagay gaya ng, "Sa tingin ko dapat gawin ang bagay na ito sa ganitong paraan, dahil sinabi ng Diyos na hindi tayo dapat mapigilan ng iba at na sa mga panahong ito hindi tayo dapat animo'y bulag na magpasakop." Samakatuwid, kumakapit ang bawat isa sa inyo sa sarili ninyong palagay, at walang sumusunod sa isa't isa. Bagama't malinaw ninyong alam na hindi sumusulong ang inyong paglilingkod, sinasabi pa rin ninyo, "Sa nakikita ko, hindi nalalayo sa nararapat ang paraan ko. Sa paano man, lahat tayo ay may isang panig:

Magsalita ka tungkol sa panig mo, at magsasalita ako tungkol sa akin; magbahagi ka tungkol sa mga pangitain mo, at magsasalita ako tungkol sa aking pagpasok." Hindi ninyo kailanman inaako ang responsibilidad para sa maraming bagay na dapat mapakitunguhan, o sadyang hinahayaan lamang ninyo, ibinubulalas lamang ng bawat isa sa inyo ang sarili ninyong mga palagay at maingat na pinapangalagaan ang sarili ninyong katayuan, reputasyon, at kahihiyan. Wala sa inyo ang handang magpakumbaba, at alinmang panig ay hindi magkukusang isuko ang sarili at magpuno sa mga pagkukulang ng isa't isa upang mas mabilis na umunlad ang buhay. Kapag sama-sama kayong nag-uugnayan, dapat kayong matutong maghangad ng katotohanan. Maaari ninyong sabihing, "Hindi malinaw ang pagkaunawa ko sa aspetong ito ng katotohanan. Ano ang karanasan mo rito?" O, maaari mong sabihing, "Mas marami kang karanasan kaysa sa akin sa aspetong ito; maaari mo ba akong gabayan nang kaunti?" Hindi ba magandang paraan iyan ng pagtrato roon? Nakarinig na kayo ng maraming sermon, at may kaunting karanasan sa paglilingkod. Kung hindi kayo natututo sa isa't isa, nagtutulungan, at nagpupuno sa mga pagkukulang ng isa't isa kapag ginagawa ninyo ang gawain sa mga iglesia, paano kayo matututo ng mga aral? Tuwing nakakaranas kayo ng anuman, dapat kayong magbahaginan sa isa't isa upang makinabang ang mga buhay ninyo. Bukod pa roon, dapat kayong maingat na magbahaginan tungkol sa lahat ng uri ng bagay bago gumawa ng anumang mga pagpapasya. Tanging sa paggawa nito kayo umaako ng responsibilidad para sa iglesia sa halip na basta-basta lang kumikilos. Matapos ninyong bisitahin ang lahat ng iglesia, dapat kayong magtipun-tipon at magbahaginan tungkol sa lahat ng isyung natutuklasan ninyo at anumang mga problemang naranasan ninyo sa inyong gawain, at saka kayo dapat mag-usap tungkol sa kaliwanagan at pagpapalinaw na inyong natanggap—ito ay isang kinakailangang pagsasagawa ng paglilingkod. Dapat ninyong makamit ang pagtutulungan na may pagkakaisa para sa layunin ng gawain ng Diyos, para sa pakinabang ng iglesia, at upang udyukan pasulong ang inyong mga kapatid. Dapat kayong makipag-ugnayan sa isa't isa, binabago ng bawat isa ang isa pa at

humahantong sa mas mabuting kalalabasan ng gawain, upang pangalagaan ang kalooban ng Diyos. Ito ang tunay na pagtutulungan, at tanging yaong mga gumagawa nito ang magkakamit ng tunay na pagpasok. Habang nagtutulungan, maaaring hindi naaangkop ang ilan sa mga salitang sinasabi mo, ngunit hindi iyon mahalaga. Pagbahaginan ninyo ito pagkatapos, at magkamit ng malinaw na pagkaunawa rito; huwag itong pabayaan. Pagkatapos ng ganitong uri ng pagbabahaginan, magagawa ninyong punuan ang mga pagkukulang ng inyong mga kapatid. Tanging sa pagkilos nang lalong mas malalim sa gawain nang ganito nakakatamo ng mas mabubuting kalalabasan. Bawat isa sa inyo, bilang mga taong naglilingkod sa Diyos, ay dapat na magawang ipagtanggol ang mga interes ng iglesia sa lahat ng inyong ginagawa, sa halip na isipin lang ang mga pansarili ninyong interes. Hindi katanggap-tanggap na kumilos nang mag-isa, na pinapanghina ang bawat isa. Hindi naaangkop na maglingkod sa Diyos ang mga taong umaasal nang ganoon! Mayroon ang mga ganoong tao ng isang napakasamang disposisyon; walang natitirang ni katiting na pagkatao sa kanila. Isandaang porsiyento silang si Satanas! Mga hayop sila! Kahit ngayon, nangyayari pa rin ang ganitong mga bagay sa inyo; umaabot pa kayo sa puntong inaatake ninyo ang isa’t isa tuwing nagbabahaginan, sinasadyang maghanap ng mga pagdadahilan at namumula ang buong mukha habang nagtatalo tungkol sa isang maliit na bagay, kapwa ayaw isantabi ang sarili, ikinukubli ng bawat tao mula sa kabila ang mga panloob niyang mga kaisipan, masusing pinapanood ang kabilang partido at palaging nakabantay. Angkop ba ang ganitong uri ng disposisyon sa paglilingkod sa Diyos? Kaya ba ng gawain gaya ng sa iyo na tustusan ang mga kapatid mo ng anuman? Hindi ka lang walang kakayahang gabayan ang mga tao papunta sa isang tamang landas sa buhay, ngunit ikinikintal mo pa sa iyong mga kapatid ang mga sarili mong tiwaling disposisyon. Hindi mo ba sinasaktan ang iba? Ang konsensya mo ay napakasama, at ito ay bulok hanggang sa pinakaubod! Hindi ka pumapasok sa realidad, ni isinasagawa mo ang katotohanan. Dagdag pa rito, walang-kahihiyan mong inilalantad sa iba ang maladiyablo mong

kalikasan. Sadyang hindi ka marunong mahiya! Ipinagkatiwala ang mga kapatid na ito sa iyo, ngunit dinadala mo sila sa impiyerno. Hindi ka ba isang taong ang konsensya ay nabulok na? Talagang wala kang hiya!

Hinango mula sa “Maglingkod Gaya ng Ginawa ng mga Israelita” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

90. Ang Mga Prinsipyo sa Pagiging Isang Lider ng Iglesia

(1) Kinakailangang pangunahan ang hinirang na bayan ng Diyos habang natututuhan nilang kumain at uminom ng mga salita ng Diyos, ibahagi ang katotohanan, at gamitin ang katotohanan upang lutasin ang mga problema, nakakakilos nang naaayon sa mga prinsipyo.

(2) Kinakailangang ipagsanggalang ang gawain ng Diyos. Protektahan ang hinirang na bayan ng Diyos mula sa panlilinlang at panggugulo ng mga anticristo, masasamang tao, masasamang espiritu, at lahat ng uri ng satanikong pwersa;

(3) Kinakailangang makipag-ugnayan nang maayos sa mga katrabaho. Sa lahat ng oras, maging tapat sa tagubilin ng Diyos, magawang isantabi ang mga interes ng laman, at huwag gawin ang pansarili mong gawain;

(4) Kinakailangang maunawaan ang mahalagang gawain ng pamumuno. Hindi dapat gumawa ang tao ng mga bagay na walang kaugnayan sa katotohanan, lalo na ang makialam sa mga gawain ng mga hinirang na tao ng Diyos.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Bilang mga lider at manggagawa sa iglesia, kung gusto mong akayin ang mga piniling tao ng Diyos sa realidad ng katotohanan at maglingkod bilang mga saksi ng Diyos, pinakamahalaga, dapat na mas malalim ang pang-unawa mo sa pakay ng Diyos sa pagliligtas ng mga tao at sa layunin ng Kanyang gawain. Dapat mong unawain ang kalooban ng Diyos at ang Kanyang iba’t ibang hinihingi sa mga tao. Dapat kang maging praktikal sa mga pagsusumikap mo; isagawa lamang yaong naiintindihan mo at ipahayag lamang yaong nalalaman mo. Huwag magyabang, huwag

magsalita nang labis, at huwag gumawa ng mga iresponsableng pahayag. Kung magsasalita ka nang labis, kamumuhian ka ng mga tao at makakaramdam ka ng paninisi pagkatapos; sadyang hindi ito kaangkop-angkop. Kapag ipinagkaloob mo ang katotohanan sa iba, hindi mo kailangang pagsabihan o kagalitan sila para matamo nila ang katotohanan. Kung ikaw mismo ay walang taglay na katotohanan at pinagsasabihan lang at pinanagalitan ang iba matatakot sila sa iyo, ngunit hindi ibig sabihin niyan ay nauunawaan nila ang katotohanan. Sa ilang gawaing administratibo, tama lang na pagsabihan at pungusan at disiplinahin ang iba kahit papaano. Ngunit kung hindi mo maipagkakaloob ang katotohanan at ang alam mo lamang ay magdomina at manermon sa iba, ang iyong katiwalian at kapangitan ay ibubunyag. Sa paglipas ng panahon, habang hindi natatamo ng mga tao ang panustos ng buhay o mga praktikal na bagay mula sa iyo, kamumuhian ka nila at kayayamutan. Yaong mga walang pagkaunawa ay matututo ng mga negatibong bagay mula sa iyo; matututuhan nilang pagsabihan at pungusan ang iba, magalit, at hindi makapagtimpi. Hindi ba’t katumbas iyan ng pag-akay sa iba tungo sa landas ni Pablo, sa landas patungo sa kapahamakan? Hindi ba’t masamang gawain iyan? Ang gawain mo ay dapat nakatuon sa pagpapahatid ng katotohanan at sa pagtustos ng buhay sa iba. Kung ang gagawin mo lamang ay pikit-matang pagsabihan at sermunan ang iba nang hindi mo pinag-iisipan, paano pa nila mauunawaan ang katotohanan. Sa paglipas ng panahon, makikita ng mga tao kung sino kang talaga at tatalikuran ka nila. Paano ka makakaasang madala ang iba sa harapan ng Diyos sa ganitong paraan? Paano ito nagiging paggawa ng gawain? Maiwawala mo ang lahat kung patuloy kang gagawa sa ganitong paraan. Ano ba talagang gawain ang inaasam mong maisakatuparan sa ganitong paraan? May ilang lider na walang kakayahang maghatid ng katotohanan para lumutas ng mga probema. Sa halip basta na lamang nilang pikit-matang pinagsasabihan ang iba at ipinangangalandakan ang kanilang kapangyarihan upang katakutan sila at sundin sila—ang ganitong mga tao ay mga huwad na lider at mga anticristo. Yaong mga hindi nagbago ng

disposisyon ay walang kakayahang gumanap ng gawain ng simbahan at hindi kayang maglingkod sa Diyos.

Hinango mula sa “Yaon Lamang mga May Katotohanang Realidad ang May Kakayahang Mamuno” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sa kanilang gawain, kailangang bigyang-pansin ng mga lider at manggagawa ng iglesia ang dalawang bagay: Ang isa ay ang gawing ganap ang kanilang gawain ayon sa mga prinsipyong nakasaad sa mga pagsasaayos ng gawain, nang hindi kailanman nilalabag ang mga prinsipyong iyon at hindi ibinabatay ang kanilang gawain sa anumang maaari nilang mailarawan sa isip o sa alinman sa mga sarili nilang pag-iisip. Sa lahat ng ginagawa nila, dapat silang magpakita ng malasakit sa gawain ng tahanan ng Diyos, at laging unahin ang kapakanan nito. Isang bagay pa—at ito ang pinakamahalaga—iyon ay sa lahat ng bagay, dapat silang magtuon sa pagsunod sa patnubay ng Banal na Espiritu at gawin ang lahat nang mahigpit na sinusunod ang mga salita ng Diyos. Kung nakakaya mo pa ring salungatin ang patnubay ng Banal na Espiritu, o kung nagmamatigas mo pa ring sinusunod ang mga sarili mong pag-iisip at ginagawa ang mga bagay-bagay ayon sa sarili mong imahinasyon, ang mga kilos mo ang bubuo sa pinakamatinding paglaban sa Diyos. Walang patutunguhan ang madalas mong pagtalikod sa kaliwanagan at patnubay ng Banal na Espiritu. Kung maiwala mo ang gawain ng Banal na Espiritu, hindi mo na magagawang magtrabaho; at kahit pa magawa mong makapagtrabaho kahit paano, wala kang matatapos. Ito ang dalawang pangunahing prinsipyong dapat sundin habang gumagawa: Ang isa ay ang isagawa ang gawain nang ganap na naaayon sa mga pagsasaayos mula sa Itaas, gayundin ang kumilos ayon sa mga prinsipyong naitakda ng nasa Itaas; ang isa pa ay ang sundin sa iyong kalooban ang patnubay ng Banal na Espiritu. Sa sandaling maunawaan mo ang dalawang puntong ito, hindi ka na manganganib na makagawa ng mga pagkakamali. Para sa inyo na limitado pa ang karanasan sa larangang ito, labis na nahahaluan ng sarili ninyong mga ideya ang inyong gawain. Paminsan-minsan, maaaring hindi

ninyo maunawaan ang kaliwanagan o patnubay sa inyong kalooban na nagmumula sa Banal na Espiritu; sa ibang mga pagkakataon, tila nauunawaan ninyo ito, ngunit malamang na balewalain ninyo ito. Lagi kang naglalarawan sa isip o naghihinuha sa paraan ng tao, kumikilos ayon sa inaakala mong naaangkop, nang hindi man lamang isinasaalang-alang ang mga layon ng Banal na Espiritu. Ginagawa mo ang iyong gawain ayon lamang sa sarili mong mga ideya, isinaisantabi ang anumang kaliwanagan mula sa Banal na Espiritu. Madalas mangyari ang gayong mga sitwasyon. Ang patnubay ng Banal na Espiritu sa iyong kalooban ay hindi man lamang higit sa normal; sa katunayan, normal na normal ito. Ibig sabihin, sa kaibuturan ng iyong puso, alam mo na ito ang angkop na paraan ng pagkilos, at ito ang pinakamainam na paraan. Talagang malinaw rin naman ang kaisipang ito; hindi ito nagmula sa iyong mga pagninilay, bagkus ay isang uri ng damdaming ibinangon mo mula sa kaibuturan, at kung minsan ay hindi mo lubos na nauunawaan kung ano ang nagtutulak sa iyo na kumilos sa ganitong paraan. Ito kadalasan ay walang iba kundi kaliwanagan mula sa Banal na Espiritu, at ganito ito karaniwang nangyayari sa karamihan ng mga tao. Kadalasang nagmumula sa pag-iisip at pagsasaalang-alang ang mga sariling ideya ng isang tao, at nahahaluang lahat ng kusang-loob, mga ideya kung anong mga larangan ang mayroon na kasusumpungan ng isang tao ng kapakinabangan para sa kanyang sarili, at kung anong mga kalamangan mayroon ang isang bagay para sa sarili nito; nagtataglay ng ganitong mga bagay ang bawat pagpapasya ng tao. Gayunman, ang patnubay ng Banal na Espiritu ay hindi naglalaman sa anumang paraan ng gayong mga paghahalo. Mahalagang magbigay ng masusing pansin sa patnubay o kaliwanagan mula sa Banal na Espiritu; lalo na sa mahahalagang usapin, kailangan mong mag-ingat para maintindihan iyon. Ang mga taong ibig gamitin ang kanilang utak, at ibig kumilos ayon sa sarili nilang mga ideya, ang sadyang higit na nanganganib malampasan ng gayong patnubay o kaliwanagan. Ang mga lider at manggagawang may kasapatan ay nagtutuon ng pansin sa gawain ng Banal na Espiritu. Yaong mga sumusunod sa Banal na

Espiritu ay may takot sa Diyos at walang-kapagurang naghahanap sa katotohanan. Upang mapalugod ang Diyos at maayos na magpatotoo para sa Kanya, dapat siyasatin ng isang tao ang kanyang gawain para sa mga sangkap ng paghahalo at mga layon, at pagkatapos ay subukang tingnan kung gaanong gawain ang naganyak ng mga ideya ng tao, gaano ang umusbong mula sa kaliwanagan ng Banal na Espiritu, at gaano ang umaalinsunod sa mga salita ng Diyos. Kailangan mong palagiang suriin, at sa lahat ng pagkakataon, ang iyong mga salita at gawa. Ang makapagsagawa nang madalas sa ganitong paraan ay maglalagay sa iyo sa tamang landas ng paglilingkod sa Diyos. Mahalagang magtaglay ng maraming katotohanan upang matamo ang paglilingkod sa Diyos sa isang paraang umaayon sa Kanyang mga layon. May kakayahan ang mga tao na makahiwatig pagkaraan lamang nilang maunawaan ang katotohanan at magawang makilala ang lumilitaw mula sa sarili nilang mga ideya at mga bagay na tumutukoy kung ano ang gumaganyak sa kanila. Nagagawa nilang tukuyin ang mga karumihan ng tao, gayundin kung ano ang ibig sabihin ng kumilos ayon sa katotohanan. Saka lamang nila malalaman kung paano magpasakop nang higit na dalisay. Kung walang katotohanan, imposibleng makahiwatig ang mga tao. Ang isang taong naguguluhan ay maaaring maniwala sa Diyos sa kabuuan ng kanyang buhay nang hindi nalalaman kung ano ang ibig sabihin ng mahayag ang sarili niyang katiwalian o kung ano ang ibig sabihin ng labanan ang Diyos, dahil hindi niya nauunawaan ang katotohanan; na hindi man lamang umiiral ang ideyang iyon sa kanyang isipan. Ang katotohanan ay hindi kayang abutin ng mga taong napakababa ng kakayahan; gaano mo man sila bahaginan tungkol dito, hindi pa rin nila ito nauunawaan. Magulo ang isip ng gayong mga tao. Sa kanilang pananampalataya, ang mga taong naguguluhan ay hindi makapagpapatotoo sa Diyos; makakagawa lamang sila ng kaunting paglilingkod. Upang matupad ang gawaing ipinagkakatiwala ng Diyos, mahalagang maintindihan ang dalawang prinsipyong ito. Dapat mahigpit na sumunod ang isang tao sa mga pagsasaayos sa gawain mula sa Itaas, at dapat magtuon ng pansin sa pagsunod sa anumang patnubay mula sa

Banal na Espiritu. Kapag naintindihan ang dalawang prinsipyong ito, saka lamang magiging mabisa ang gawain ng isang tao at malulugod ang Diyos.

Hinango mula sa “Ang mga Pangunahing Prinsipyo ng Gawain Para sa mga Lider at Manggagawa” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ano ang pinaka-hindi-katanggap-tanggap sa paglilingkod ng tao sa Diyos? Alam ba ninyo? Laging gusto niyaong mga naglilingkod bilang mga lider na magkaroon ng mas higit na katalinuhan, na maging angat kaysa lahat, na makahanap ng mga bagong pamamaraan upang makita ng Diyos kung gaano talaga ang kanilang kakayahan. Subali’t, hindi sila nagtutuon ng pansin sa pag-unawa ng katotohanan at pagpasok tungo sa realidad ng salita ng Diyos. Lagi nilang gustong magpakitang-gilas; hindi ba’t ito mismo ang kapahayagan ng isang mapagmataas na kalikasan? Sinasabi pa ng iba: “Sa paggawa nito sigurado akong magiging napakasaya ng Diyos; magugustuhan Niya talaga ito. Sa pagkakataong ito, hahayaan kong makita ng Diyos, sosorpresahin ko Siya.” Bunga ng sorpresang ito, naiwala nila ang gawa ng Banal na Espiritu at natatanggal ng Diyos. Huwag mong basta-basta gagawin ang anumang pumapasok sa isip mo. Paano ito magiging ayos kung hindi mo isinasaalang-alang ang mga kahihinatnan ng iyong mga pagkilos? Kapag sinuway mo ang disposisyon ng Diyos, sinuway mo ang Kanyang mga atas-administratibo, at pagkatapos ay tinanggal ka, wala ka nang masasabi. Anuman ang layon mo, sinasadya mo mang gawin iyon o hindi, kung hindi mo nauunawaan ang disposisyon ng Diyos o hindi mo nauunawaan ang Kanyang kalooban, madali mo Siyang masusuway at madali mong masusuway ang Kanyang mga atas-administratibo; isang bagay ito na dapat ingatan ng lahat. Kapag lubha mong sinuway ang mga atas-administratibo ng Diyos o sinuway ang Kanyang disposisyon, hindi isasaalang-alang ng Diyos kung sinadya mo mang gawin iyon o hindi; kailangan mong malinawan ang bagay na ito. Kung hindi mo maunawaan ang isyung ito, garantisadong magkakaroon ka ng problema. Sa paglilingkod sa Diyos, nais ng mga tao na gumawa ng malalaking hakbang, gumawa ng mga dakilang bagay, sumambit ng mga

dakilang salita, magsagawa ng dakilang gawain, maglimbag ng makakapal na aklat, magdaos ng malalaking miting at maging mahuhusay na lider. Kung palaging matayog ang ambisyon mo, masusuway mo ang dakilang mga atas-administratibo ng Diyos; mabilis mamatay ang mga taong katulad nito. Kung hindi ka matuwid, maka-Diyos o maingat sa paglilingkod sa Diyos, sa malao't madali malalabag mo ang mga administratibong kautusan ng Diyos.

Hinango mula sa "Kung Wala ang Katotohanan Madaling Magkasala sa Diyos" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Yaong mga maaaring mamuno sa mga iglesia, tustusan ng buhay ang mga tao, at maging mga apostol sa mga tao ay kailangang magkaroon ng aktwal na karanasan; kailangang magkaroon sila ng tamang pagkaunawa tungkol sa mga espirituwal na bagay at ng tamang pagpapahalaga at karanasan sa katotohanan. Ang gayong mga tao lamang ang nararapat maging mga manggagawa o apostol na namumuno sa mga iglesia. Kung hindi, maaari lamang silang sumunod bilang pinakamababa at hindi maaaring mamuno, lalong hindi sila maaaring maging mga apostol na nagagawang tustusan ng buhay ang mga tao. Iyan ay dahil ang tungkulin ng mga apostol ay hindi upang magparoo't parito o makipaglaban; iyan ay upang gawin ang gawain ng pagmiministeryo sa buhay at pamumuno sa iba sa pagbabago ng kanilang mga disposisyon. Yaong mga gumaganap sa tungkuling ito ay binigyan ng tagubiling bumalikat ng mabigat na responsibilidad, na hindi kakayaning gawin ng kahit sino. Ang uring ito ng gawain ay maaari lamang gawin ng mga yaon na may kahulugan ang buhay, ibig sabihin, yaong mga may karanasan sa katotohanan. Hindi ito maaaring gawin ng kahit sino na maaaring magbitiw, magparoo't parito, o handang gugulin ang kanilang sarili; ang mga taong walang karanasan sa katotohanan, na hindi pa natabasan o nahatulan, ay hindi nagagawa ang ganitong uri ng gawain. Ang mga taong walang karanasan, ang mga taong walang realidad, ay hindi nakikita nang malinaw ang realidad dahil sila mismo ay walang ganitong uri ng pagkatao. Kaya, ang ganitong uri ng tao

ay hindi lamang hindi nagagawang mamuno, kundi, kung mananatiling wala sa kanila ang katotohanan sa loob ng mahabang panahon, magiging pakay sila ng pag-aalis.

Hinango mula sa “Gawain ng Diyos at Gawain ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ano ang sanhi ng paglitaw ng kategorya ng mga tao na mga pinuno at manggagawa, at paano sila lumitaw? Sa malaking antas, kailangan sila para sa gawain ng Diyos; sa mas maliit na antas, kailangan sila ng mga kapatid, kailangan sila ng mga hinirang ng Diyos, na sumusunod sa Diyos. Anuman ang kanilang katayuan at pagkakakilanlan, at anuman ang papel na kanilang ginagampanan, ano ang isang bagay na mayroon ang kategorya ng mga taong ito na katulad din ng sa lahat ng tao? Sa harapan ng Diyos, ang kanilang pagkakakilanlan at katayuan ay katulad din ng sa iba. Bagama’t sa gitna ng mga tao’y nagtataglay sila ng mga titulo na “pinuno” at “manggagawa,” at bagama’t ang kanilang tungkulin ay iba kaysa sa ibang mga kapatid, sa harapan ng Diyos tinatawag din naman silang mga nilalang, at ang pagkakakilanlang ito ay hindi kailanman magbabago. Ang kaibahan sa pagitan ng kanilang tungkulin at ng sa ibang tao ay ang natatanging katangian ng sa kanila. Anong natatanging katangian iyon? Ang pinakakapansin-pansin nitong aspeto ay “pamumuno.” Ipagpalagay natin, halimbawa, na may isang pangkat ng mga tao na may nangunguna sa kanila; kung tinatawag ang taong ito bilang isang “pinuno” o bilang isang “manggagawa,” ano ang kanilang tungkulin sa loob ng pangkat? (Ang tungkulin ng pamumuno.) Ano ang epekto ng pamumuno ng taong ito sa kanilang pinangungunahan at sa pangkat sa kabuuhan? Nakakaapekto ito sa direksyon ng pangkat at sa landas nito. Ipinapahiwatig nito na kung ang taong ito na nasa posisyon ng pamumuno ay lumalakad sa maling landas, kung gayon, kahit papaano, makapagdudulot ito ng paglihis sa tamang landas ng mga taong nasa ilalim nila at ng buong pangkat; higit pa rito, maaaring magambala o masira nito ang direksyon ng buong pangkat habang sumusulong sila, pati na ang kanilang bilis at

paghakbang. Kaya't pagdating sa grupong ito ng mga tao, ang landas na kanilang sinusundan at ang direksyon ng landas na kanilang pinipili, ang abot ng kanilang nauunawaan sa katotohanan gayundin ang kanilang paniniwala sa Diyos ay nakakaapekto hindi lamang sa kanilang sarili, kundi sa lahat ng kapatid na nasasakupan ng kanilang pamumuno. Kung ang isang pinuno ay isang taong matuwid, na lumalakad sa tamang landas at hinahanap at isinasagawa ang katotohanan, kakain at iinom nang maayos at maghahanap nang maayos ang mga taong kanilang pinangungunahan, at, kasabay nito, ang pansariling pagsulong ng pinuno ay palaging makikita ng iba. Kaya, ano ang tamang landas na dapat lakaran ng isang pinuno? Ito ang kakayanang pangunahan ang iba tungo sa pagkaunawa ng katotohanan at sa pagpasok sa katotohanan, at akayin ang iba sa harapan ng Diyos. Ano ang maling landas? Ito ang madalas na pagtataas sa sarili at pagpapatotoo sa sarili, paghahangad ng katayuan, kasikatan, at pakinabang, at hindi kailanman nagpapatotoo sa Diyos. Ano ang epekto nito sa mga taong nasa ilalim nila? (Dinadala nito ang mga taong iyon sa harapan nila.) Maliligaw ang mga tao papalayo sa Diyos at hahantong sa ilalim ng kontrol ng pinunong ito. Hindi ba't malinaw na ang mga taong dinadala sa harapan ng kanilang pinuno ay makokontrol ng pinunong iyon? At, siyempre, inilalayo sila nito mula sa Diyos. Kung pinangungunahan mo ang mga tao upang lumapit sa harapan mo, kung gayon pinangungunahan mo sila upang lumapit sa harapan ng tiwaling sangkatauhan, at pinapangunahan mo sila upang lumapit sa harapan ni Satanas, hindi sa Diyos. Tanging ang pangunguna sa mga tao upang humarap sa katotohanan ang siyang pangunguna sa kanila upang lumapit sa harapan ng Diyos. Ito ang mga epekto ng dalawang uri ng tao—silang lumalakad sa tamang landas at silang lumalakad sa maling landas—sa kanilang pinapangunahan.

Hinango mula sa "Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (1)" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung napili kang maging isang pinuno ng iglesia, tungkulin mo kung

gayon ang pamumuno sa iglesia—paano mo ito dapat gawin kung itinuturing mo ito bilang iyong tungkulin? (Alinsunod sa mga hinihingi ng Diyos.) Ang paggawa alinsunod sa mga hinihingi ng Diyos ay isang pangkalahatang paraan ng pagtanaw dito. Ano ang mga partikular na detalye? Una, dapat mong malaman na ito ay isang tungkulin, hindi isang katungkulan. Magbubunga ng mga suliranin kung iniisip mong naluklok ka sa isang katungkulan. Gayunman, kung sinasabi mong "Napili akong maging isang pinuno ng iglesia, kaya't kailangan kong maging mababa nang isang antas kaysa sa iba; lahat kayo ay higit na nakatataas kaysa sa akin at higit na dakila kaysa sa akin," ito ay hindi rin wastong saloobin; kung hindi mo nauunawaan ang katotohanan, walang idudulot na kabutihan sa iyo ang kahit gaano kalaking pagkukunwari. Sa halip, dapat kang magkaroon ng marapat na pagkaunawa nito. Una, dapat alam mong napakahalaga ng tungkuling ito. Ilang dosena ang mga kasapi sa isang iglesia, at dapat mong isipin kung paano aakayin ang mga taong ito sa harap ng Diyos at bibigyang-kakayahan ang karamihan sa kanila na maunawaan ang katotohanan at makapasok sa katotohanang realidad. Dagdag pa rito, dapat kang magsikap na mapahinto ang mahihina at hindi aktibong tao sa pagiging ganoon upang masigasig nilang maisakatuparan ang kanilang mga tungkulin, at tungkol naman sa mga nakatutupad sa kanilang mga tungkulin, dapat mong maipagawa at mapagampanan sa kanila ang mga ito sa abot ng kanilang makakaya. Ipaunawa sa kanila ang mga katotohanang kaugnay sa pagsasakatuparan ng kanilang mga tungkulin upang hindi sila maging pabaya sa pagtupad sa mga ito, matupad nila nang maayos ang mga ito, at makaya nilang magkaroon ng isang normal na ugnayan sa Diyos. May mga tao ring nagiging dahilan ng pagkagambala at mga kaguluhan, o sumampalataya na sa Diyos sa maraming taon ngunit may taglay na masamang pagkatao; sa mga tao na ito, dapat mong iwasto ang mga dapat iwasto, at patalsikin ang dapat patalsikin, sa pamamagitan ng mga naaayong pagsasaayos para sa bawat tao ayon sa kanilang uri. Mahalaga rin at marapat na malinang lahat ang iilan sa iglesia na mabuti-buti ang pagkatao, may kakaunting kakayahan, at

makatatanggap ng pananagutan para sa isang aspeto ng gawain. Hindi ba't ang mga bagay na ito ang dapat gawin upang matupad ang mga tungkulin ng pamumuno? Kapag tinanggap mo na ang tungkuling ito, maayos mo ba itong matutupad nang wala ang mga bagay na ito sa iyong puso? (Hindi.) Kapag tinanggap mo na ang tungkuling ito, dapat mong isa-isang ayusin ang mga gusot sa mga bagay na ito: Una, paglilinang sa talento; pangalawa, maparating sa normalidad ang pagpasok ng iyong mga kapatid sa buhay at, batay sa iyong pagkaunawa sa katotohanan at sa mga pinakinggan mong mga sermon upang mabigyang-kakayahan silang lahat na makapasok sa mga katotohanang realidad na ito—ito ang aspeto ng pagpasok sa buhay; ikatlo, tunay na ipasakatuparan sa mga may kakayahang tumupad sa kanilang mga tungkulin ang mga ito, at tiyaking hindi ginagawa sa pabayang paraan ang pagtupad sa kanilang mga tungkulin at bagkus ay may ibinubunga ito; ikaapat, ang napapanahong pag-asikaso at limitasyon ng mga nagiging sanhi ng pagkagambala at mga kaguluhan; at ikalima, ang matukoy ang lahat ng uri ng tao, na nananatiling kinakailangan. Halimbawa, pansamantala ang pagiging negatibo at kahinaan ng ilang tao; hindi ka maaaring maglarawan nang lahatan, habang itinuturing at inaasikaso ang kanilang mga usapin na tulad ng gagawin mo sa talamak na pagiging negatibo at kahinaan. Dapat mong maipalabas ang pinakamainam sa bawat tao, ganap na pinakikinabangan ang kanilang pansariling kakayahan at isinasaayos ang naaangkop na mga tungkulin para sa kanila batay sa kung ano ang kanilang magagawa, ang uri ng kanilang kakayahan, ang kanilang edad, at gaano katagal na silang sumasampalataya sa Diyos. Dapat kang makapaghanda ng isang pang-isahang plano para sa bawat uri ng tao at pag-iba-ibahin ito sa bawat tao, upang maisakatuparan nila ang kanilang mga tungkulin sa tahanan ng Diyos at maibuhos ang kanilang mga takdang-gawain sa kayang abutin ng mga ito. Kapag taglay mo ang mga bagay na ito sa iyong puso, lumitaw na ang iyong pasanin, kaya't dapat kang laging magbigay-pansin at maging mapagmatyag. Mapagmatyag sa ano? Hindi ito nangangahulugan ng pagtingin kung sino ang maganda at pagkaraan ay paggugol ng higit na

panahon sa pakikipag-ugnayan sa taong iyon, o hindi rin naman nangangahulugan ng pagtingin kung sino ang pangit at pagkatapos ay ayawan ang taong iyon, at lalong hindi nangangahulugan ng pagtingin kung sino ang sumusuway sa iyo at pagkatapos ay parusahan sila. Sa halip, nangangahulugan ito ng pagtingin sa kung ano ang mga hinihingi ng Diyos sa bawat uri ng tao, at pagkaraan nito ay ang paglalagay sa bawat isa sa nararapat nilang kalagyan. Una, maglaan ng oras para isaayos sa iyong isip ang mga taong ito sa iglesia; pagsamahin sa isang uri ang may mahuhusay na kakayahan, at sa isa pa ang may mahihinang kakayahan. Lumikha ng magkakahiwalay na pangkat para sa mga tao na makapaglalaan ng kanilang sarili sa mga tungkulin nang buong panahon, ilang bahagi ng kanilang panahon, o hindi maglalaan ng anumang panahon, at itakda bilang isang pangkat ang palagiang nakagagambala, laging negatibo, at palagiang nagpapakalat ng bulung-bulungan. Pagkaraan niyan, dapat kang magnilay at magdasal nang madalas, at makipag-ugnayan sa mga taong ito. Paglipas ng ilang panahon, makapagtatamo ka na ng kabatiran sa iba't ibang katayuan at antas ng tayog ng bawat uri ng tao. Lumilitaw ito mula sa isang pasanin, hindi ba? Hindi ba't ito ang tamang saloobin sa iyong tungkulin? Kapag taglay mo na ang gayong angkop na saloobin at lumitaw na ang iyong pasanin, magagawa mo na nang mahusay ang iyong gawain.

Hinango mula sa "Ano ang Sapat na Pagtupad ng Tungkulin?" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Dapat magabayan ng mga lider ng iglesia ang lahat ng kanilang kapatid para alam nila kung paano kumain at uminom ng mga salita ng Diyos. Ito ang responsibilidad ng bawat isang lider ng iglesia. Bata man sila o matanda, lahat ay dapat ituring ang pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos na napakahalaga at dapat isapuso ang Kanyang mga salita. Ang pagpasok tungo sa realidad na ito ay nangangahulugan ng pagpasok sa Kapanahunan ng Kaharian. Ngayon, pakiramdam ng karamihan ng mga tao ay hindi sila mabubuhay nang hindi kumakain at umiinom ng mga salita

ng Diyos, at pakiramdam nila ay sariwa ang Kanyang mga salita anumang oras. Ang ibig sabihin nito ay na nagsisimula silang tumahak sa tamang landas. Gumagamit ang Diyos ng mga salita upang gawin ang Kanyang gawain at tustusan ang tao. Kapag nasasabik at nauuhaw ang lahat para sa mga salita ng Diyos, papasok ang sangkatauhan sa mundo ng Kanyang mga salita.

Napakarami nang nasabi ng Diyos. Gaano karami ang nalaman mo? Gaano karami ang napasok mo? Kung hindi nagabayan ng isang lider ng iglesia ang kanilang mga kapatid tungo sa realidad ng mga salita ng Diyos, nagpabaya sila sa kanilang tungkulin, at nabigong tuparin ang kanilang mga responsibilidad! Malalim man o mababaw ang iyong pang-unawa, anuman ang antas ng iyong pang-unawa, kailangan mong malaman kung paano kumain at uminom ng Kanyang mga salita, kailangan mong pakinggan nang husto ang Kanyang mga salita, at unawain ang kahalagahan at pangangailangan ng pagkain at pag-inom ng mga iyon.

Hinango mula sa “Ang Kapanahunan ng Kaharian ay ang Kapanahunan ng Salita” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kailangan mong magkaroon ng pagkaunawa tungkol sa maraming kalagayang kalalagyan ng mga tao kapag isinasagawa ng Banal na Espiritu ang gawain sa kanila. Partikular na, yaong mga nag-uugnayan sa paglilingkod sa Diyos ay kailangang magkaroon ng mas matinding pagkaunawa tungkol sa maraming kalagayang dulot ng gawaing isinasagawa ng Banal na Espiritu sa mga tao. Kung nagsasalita ka lamang tungkol sa maraming karanasan o pamamaraan para makapasok, ipinakikita nito na ang karanasan mo ay masyadong may pinapanigan. Kung hindi mo alam ang iyong tunay na kalagayan at hindi mo nauunawaan ang katotohanang prinsipyo, hindi posibleng magkamit ng pagbabago sa disposisyon. Kung hindi mo alam ang mga prinsipyo ng gawain ng Banal na Espiritu o nauunawaan ang ibinubunga nito, mahihirapan kang mahiwatigan ang gawain ng masasamang espiritu. Kailangan mong ihayag ang gawain ng masasamang espiritu, pati na rin

ang mga pagkaunawa ng tao, at tumbukin ang pinakabuod ng usapin; kailangan mo ring banggitin ang maraming paglihis sa pagsasagawa ng mga tao at ang mga problemang maaaring umiiral sa kanilang pananampalataya sa Diyos, upang mapansin nila ang mga ito. Kahit paano, huwag mo silang bigyan ng dahilan para maging negatibo o walang kibo. Gayunpaman, kailangan mong maunawaan ang mga paghihirap na talagang umiiral para sa karamihan, hindi ka dapat maging hindi makatwiran o “tangkaing turuan sila ng isang bagay na ayaw nilang matutuhan”; kahangalan iyan. Para malutas ang maraming paghihirap na nararanasan ng mga tao, kailangan mo munang maunawaan ang pag-unlad ng gawain ng Banal na Espiritu; kailangan mong maunawaan kung paano isinasagawa ng Banal na Espiritu ang gawain sa iba’t ibang mga tao, kailangan mong maunawaan ang mga paghihirap na kinakaharap ng mga tao at ang kanilang mga pagkukulang, at kailangan mong makita nang malinaw ang mga pangunahing usapin ng problema at malaman ang pinagmulan nito, nang hindi lumilihis o nagkakamali. Ang ganitong uri lamang ng tao ang karapat-dapat na makipag-ugnayan sa paglilingkod sa Diyos.

Nagagawa mo man o hindi na maunawaan ang mga pangunahing usapin at makita nang malinaw ang maraming bagay ay nakasalalay sa iyong sariling mga karanasan. Ang paraan ng iyong pagdanas ay siya ring paraan ng iyong pag-akay sa iba. Kung nauunawaan mo ang mga titik at doktrina, maaakay mo ang iba na maunawaan ang mga titik at doktrina. Ang paraan ng iyong pagdanas sa realidad ng mga salita ng Diyos ang magiging paraan ng iyong pag-akay sa iba na makapasok sa realidad ng mga pahayag ng Diyos. Kung nagagawa mong unawain ang maraming katotohanan at malinaw kang nagtatamo ng kabatiran sa maraming bagay mula sa mga salita ng Diyos, may kakayahan kang akayin ang iba na maunawaan din ang maraming katotohanan, at yaong mga inaakay mo ay magkakaroon ng malinaw na pagkaunawa sa mga pangitain. Kung magtutuon ka sa pag-unawa sa mga damdaming di-pangkaraniwan, gagawin din iyon ng mga inaakay mo. Kung kinaliligtaan mong

magsagawa, at sa halip ay binibigyang-diin mo ang talakayan, yaong mga inaakay mo ay magtutuon din sa talakayan, nang hindi man lamang nagsasagawa o nagkakaroon ng anumang pagbabago sa kanilang mga disposisyon; magiging masigasig lamang sila kunwari, nang hindi isinasagawa ang anumang mga katotohanan. Ibinibigay ng lahat ng tao sa iba kung ano ang mayroon sila mismo. Ang uri ng tao ang tumutukoy sa landas kung saan nila inaakay ang iba, gayundin ang uri ng mga tao na inaakay nila. Upang maging tunay na akmang kasangkapanin ng Diyos, hindi lamang kayo kailangang magkaroon ng hangarin, kundi kailangan din ninyo ng malaking kaliwanagan mula sa Diyos, patnubay mula sa Kanyang mga salita, karanasang mapakitunguhan Niya, at pagpipino ng Kanyang mga salita. Kung gagawin ninyo itong pundasyon, sa karaniwang mga pagkakataon, dapat kayong magtuon ng pansin sa inyong mga obserbasyon, saloobin, pagbubulay-bulay, at konklusyon, at maging abala sa pagtanggap o pag-aalis nang naaayon dito. Lahat ng ito ay mga landas para sa inyong pagpasok sa realidad, at bawat isa sa mga ito ay lubhang kailangan. Ganito gumagawa ang Diyos. Kung gagamitin mo ang pamamaraang ito ng paggawa ng Diyos, magkakaroon ka ng mga pagkakataon araw-araw na magawa ka Niyang perpekto. At anumang oras, malupit man o kanais-nais ang iyong sitwasyon, sinusubok ka man o tinutukso, gumagawa ka man o hindi, at namumuhay ka man nang mag-isa o bahagi ka ng isang grupo, palagi kang makahahanap ng mga pagkakataon para magawang perpekto ng Diyos, nang hindi pinalalampas ni isa sa mga ito. Magagawa mong tuklasin ang mga ito at sa ganitong paraan, masusumpungan mo ang lihim sa pagdanas ng mga salita ng Diyos.

Hinango mula sa “Ang Nararapat na Isangkap sa Isang Katanggap-tanggap na Pastol” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang hinihingi sa inyo ngayon—ang gumawa nang magkakasama na may pagkakaisa—ay katulad ng paglilingkod na hiningi ni Jehova sa mga Israelita: Kung hindi, tumigil na lang kayo sa paglilingkod. Dahil mga tao

kayong direktang naglilingkod sa Diyos, dapat man lang na mayroon kayong kakayahang maging tapat at mapagpasakop sa inyong paglilingkod, at dapat din may kakayahang matuto ng mga aral sa isang praktikal na paraan. Lalo na sa inyong gumagawa sa iglesia, mangangahas ba ang sinuman sa mga kapatid na mas mababa ang posisyon sa inyo na pakitunguhan kayo? Mangangahas ba ang sinuman na sabihin sa inyo nang harapan ang mga kamalian ninyo? Nakatayo kayo nang mas mataas kaysa sa lahat ng iba; namamahala nga kayo bilang mga hari! Ni hindi nga kayo nag-aaral o pumapasok sa ganitong mga uri ng mga praktikal na aral, subalit nagsasalita pa rin kayo tungkol sa paglilingkod sa Diyos! Sa kasalukuyan, hinihingi sa iyo na mamuno sa ilang iglesia, ngunit hindi mo lang hindi isinusuko ang sarili mo, kumakapit ka pa sa sarili mong mga palagay at palagay, nagsasabi ng mga bagay-bagay gaya ng, “Sa tingin ko dapat gawin ang bagay na ito sa ganitong paraan, dahil sinabi ng Diyos na hindi tayo dapat mapigilan ng iba at na sa mga panahong ito hindi tayo dapat animo’y bulag na magpasakop.” Samakatuwid, kumakapit ang bawat isa sa inyo sa sarili ninyong palagay, at walang sumusunod sa isa’t isa. Bagama’t malinaw ninyong alam na hindi sumusulong ang inyong paglilingkod, sinasabi pa rin ninyo, “Sa nakikita ko, hindi nalalayo sa nararapat ang paraan ko. Sa paano man, lahat tayo ay may isang panig: Magsalita ka tungkol sa panig mo, at magsasalita ako tungkol sa akin; magbahagi ka tungkol sa mga pangitain mo, at magsasalita ako tungkol sa aking pagpasok.” Hindi ninyo kailanman inaako ang responsibilidad para sa maraming bagay na dapat mapakitunguhan, o sadyang hinahayaan lamang ninyo, ibinubulalas lamang ng bawat isa sa inyo ang sarili ninyong mga palagay at maingat na pinapangalagaan ang sarili ninyong katayuan, reputasyon, at kahihiyan. Wala sa inyo ang handang magpakumbaba, at alinmang panig ay hindi magkukusang isuko ang sarili at magpuno sa mga pagkukulang ng isa’t isa upang mas mabilis na umunlad ang buhay. Kapag sama-sama kayong nag-uugnayan, dapat kayong matutong maghangad ng katotohanan. Maaari ninyong sabihing, “Hindi malinaw ang pagkaunawa ko sa aspetong ito ng katotohanan. Ano ang karanasan mo rito?” O, maaari

mong sabihing, “Mas marami kang karanasan kaysa sa akin sa aspetong ito; maaari mo ba akong gabayan nang kaunti?” Hindi ba magandang paraan iyan ng pagtrato roon? Nakarinig na kayo ng maraming sermon, at may kaunting karanasan sa paglilingkod. Kung hindi kayo natututo sa isa’t isa, nagtutulungan, at nagpupuno sa mga pagkukulang ng isa’t isa kapag ginagawa ninyo ang gawain sa mga iglesia, paano kayo matututo ng mga aral? Tuwing nakakaranas kayo ng anuman, dapat kayong magbahaginan sa isa’t isa upang makinabang ang mga buhay ninyo. Bukod pa roon, dapat kayong maingat na magbahaginan tungkol sa lahat ng uri ng bagay bago gumawa ng anumang mga pagpapasya. Tanging sa paggawa nito kayo umaako ng responsibilidad para sa iglesia sa halip na basta-basta lang kumikilos. Matapos ninyong bisitahin ang lahat ng iglesia, dapat kayong magtipun-tipon at magbahaginan tungkol sa lahat ng isyung natutuklasan ninyo at anumang mga problemang naranasan ninyo sa inyong gawain, at saka kayo dapat mag-usap tungkol sa kaliwanagan at pagpapalinaw na inyong natanggap—ito ay isang kinakailangang pagsasagawa ng paglilingkod. Dapat ninyong makamit ang pagtutulungan na may pagkakaisa para sa layunin ng gawain ng Diyos, para sa pakinabang ng iglesia, at upang udyukan pasulong ang inyong mga kapatid. Dapat kayong makipag-ugnayan sa isa’t isa, binabago ng bawat isa ang isa pa at humahantong sa mas mabuting kalalabasan ng gawain, upang pangalagaan ang kalooban ng Diyos. Ito ang tunay na pagtutulungan, at tanging yaong mga gumagawa nito ang magkakamit ng tunay na pagpasok. Habang nagtutulungan, maaaring hindi naaangkop ang ilan sa mga salitang sinasabi mo, ngunit hindi iyon mahalaga. Pagbahaginan ninyo ito pagkatapos, at magkamit ng malinaw na pagkaunawa rito; huwag itong pabayaan. Pagkatapos ng ganitong uri ng pagbabahaginan, magagawa ninyong punuan ang mga pagkukulang ng inyong mga kapatid. Tanging sa pagkilos nang lalong mas malalim sa gawain nang ganito nakakatamo ng mas mabubuting kalalabasan. Bawat isa sa inyo, bilang mga taong naglilingkod sa Diyos, ay dapat na magawang ipagtanggol ang mga interes ng iglesia sa lahat ng inyong ginagawa, sa halip na isipin lang ang mga

pansarili ninyong interes. Hindi katanggap-tanggap na kumilos nang mag-isa, na pinapanghina ang bawat isa. Hindi naaangkop na maglingkod sa Diyos ang mga taong umaasal nang ganoon!

Hinango mula sa “Maglingkod Gaya ng Ginawa ng mga Israelita” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Mga Responsibilidad sa Gawain ng Lider ng Iglesia

1. Ang mga lider ng iglesia ay kailangang gabayan ang mga taong hinirang ng Diyos sa pagkatuto kung paano kainin at inumin ang mga salita ng Diyos, magbahagi tungkol sa katotohanan, kilalanin ang kanilang sarili, at suriin ang sarili nilang mga tiwaling disposisyon, upang makita nila ang tunay na mukha ng sarili nilang katiwalian, at tunay silang makapagsisi.

2. Ang mga lider ng iglesia ay kailangang tiyakin na, habang ipinamumuhay nila ang buhay-iglesia, nagagawang kainin at inumin ng mga tao ang mga salita ng Diyos at normal na magbahagi tungkol sa katotohanan, at hindi nalilinlang o nagagambala ng mga walang pananampalataya o masasama, upang unti-unting maunawaan ng mga taong hinirang ng Diyos ang katotohanan at sumulong sa kanilang buhay habang ipinamumuhay nila ang buhay-iglesia.

3. Ang mga lider ng iglesia ay kailangang magtuon sa pagpili, paglilinang, at pagsasanay sa mga taong may mabuting pagkatao at kakayahan at nagmamahal sa katotohanan, upang unti-unti nilang maunawaan ang katotohanan, maalaala nila ang kalooban ng Diyos, magampanan nila ang kanilang mga tungkulin, at agad nilang isagawa ang tagubilin ng Diyos.

4. Ang mga lider ng iglesia ay kailangang may kakayahang mahiwatigan at matukoy ang mga tao sa iglesia na nagmamahal sa katotohanan at nagagawang tanggapin ang katotohanan, yaong mga naniniwala lamang sa Diyos para mapagpala, na ang tanging gusto ay matamasa ang biyaya ng Diyos, subalit namumuhi sa katotohanan, at hindi tinatanggap ang katotohanan, at yaong mga naghahanap lamang ng

katanyagan, yaman at katayuan, na nag-iimbot sa mga pagpapala ng katayuan ngunit hindi inaalaala ang kalooban ng Diyos, at hindi talaga sinusunod ang Diyos. Ang mga lider ng iglesia ay dapat maging matalino sa pagtrato nila sa iba't ibang uri ng mga tao. Dapat silang magtuon sa pagdidilig sa mga yaong nagmamahal sa katotohanan at nagagawang tanggapin ang katotohanan. Kailangan din nilang matutuhan kung paano magtalaga ng angkop na mga tungkulin batay sa kakayahan at kalakasan ng mga tao para magamit nang husto ang mga kaloob at kalakasan ng bawat tao, upang magawa nila ang lahat ng kaya nila upang magampanan ang kanilang tungkulin at maging epektibo.

5. Ang mga lider ng iglesia ay kailangang panindigan ang gawain ng Diyos at hindi ito tulutang magambala o matigil. Kung may matuklasang masasamang tao sa iglesia o mga walang pananampalataya na nagbubuo ng mga pangkat at nagkakalat ng mga palagay at pagkanegatibo, na humahantong sa pagkalinlang at pagkontrol sa mga taong hinirang ng Diyos, nagiging responsibilidad ng mga lider ng iglesia na planuhing magbahagi ang mga taong hinirang ng Diyos tungkol sa katotohanan at magsanay sa paghiwatig sa mga kilos at pag-uugali ng masasamang taong ito. Kung ang isang tao, sa halip na makagawa ng mga paglabag paminsan-minsan, ay may diwa ng kasamaan, at gumagawa ng lahat ng klase ng masasamang gawa na may malinaw na ebidensya, dapat bumoto ang mga taong hinirang ng Diyos sa pamamagitan ng pagtataas ng mga kamay; kung mahigit kalahati ang sang-ayon, dapat alisin o itiwalag ang taong ito.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

91. Ang Mga Prinsipyo sa Pagiging Isang Diakono ng Iglesia

(1) Ang isang diakono ng iglesia ay dapat na makipagtulungan nang maayos sa mga lider ng iglesia, matutong magpasakop sa katotohanan, iulat nang maaga sa lider ang ano mang suliraning kinakaharap nila, at

lutasin ang mga iyon sa pamamagitan ng paghahanap sa katotohanan;

(2) Kinakailangang ipagsanggalang ang lahat ng gawain ng iglesia. Kapag nadadaya ng mga anticristo at masasamang espiritu ang mga hinirang na tao ng Diyos, dapat silang protektahan nang mabuti ng isang diakono ng iglesia, upang hindi sila malinlang;

(3) Ang isang diakono ng iglesia ay dapat na tumuon sa sarili nilang pagpasok sa buhay, at sa pagsasagawa ng katotohanan at pagkilos nang naaayon sa mga prinsipyo, ginagawa nang mabuti ang kanilang tungkulin, at nananatiling tapat sa tagubilin ng Diyos;

(4) Kinakailangang subaybayan ang gawain ng mga lider ng iglesia sa pagsasaalang-alang sa mga pagsasaayos ng gawain. Kapag sila ay natuklasang hindi gumagawa ng praktikal na gawain, dapat silang bigyan ng patnubay at tulungan o iulat sa mga nakatataas sa kanila ng isang diakono ng iglesia;

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Sa kanilang gawain, kailangang bigyang-pansin ng mga lider at manggagawa ng iglesia ang dalawang bagay: Ang isa ay ang gawing ganap ang kanilang gawain ayon sa mga prinsipyong nakasaad sa mga pagsasaayos ng gawain, nang hindi kailanman nilalabag ang mga prinsipyong iyon at hindi ibinabatay ang kanilang gawain sa anumang maaari nilang mailarawan sa isip o sa alinman sa mga sarili nilang pag-iisip. Sa lahat ng ginagawa nila, dapat silang magpakita ng malasakit sa gawain ng tahanan ng Diyos, at laging unahin ang kapakanan nito. Isang bagay pa—at ito ang pinakamahalaga—iyon ay sa lahat ng bagay, dapat silang magtuon sa pagsunod sa patnubay ng Banal na Espiritu at gawin ang lahat nang mahigpit na sinusunod ang mga salita ng Diyos. Kung nakakaya mo pa ring salungatin ang patnubay ng Banal na Espiritu, o kung nagmamatigas mo pa ring sinusunod ang mga sarili mong pag-iisip at ginagawa ang mga bagay-bagay ayon sa sarili mong imahinasyon, ang mga kilos mo ang bubuo sa pinakamatinding paglaban sa Diyos. Walang patutunguhan ang madalas mong pagtalikod sa kaliwanagan at patnubay ng Banal na Espiritu. Kung maiwala mo ang gawain ng Banal na Espiritu,

hindi mo na magagawang magtrabaho; at kahit pa magawa mong makapagtrabaho kahit paano, wala kang matatapos. Ito ang dalawang pangunahing prinsipyong dapat sundin habang gumagawa: Ang isa ay ang isagawa ang gawain nang ganap na naaayon sa mga pagsasaayos mula sa Itaas, gayundin ang kumilos ayon sa mga prinsipyong naitakda ng nasa Itaas; ang isa pa ay ang sundin sa iyong kalooban ang patnubay ng Banal na Espiritu. Sa sandaling maunawaan mo ang dalawang puntong ito, hindi ka na manganganib na makagawa ng mga pagkakamali.

Hinango mula sa “Ang mga Pangunahing Prinsipyo ng Gawain Para sa mga Lider at Manggagawa” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kailangan mong magkaroon ng pagkaunawa tungkol sa maraming kalagayang kalalagyan ng mga tao kapag isinasagawa ng Banal na Espiritu ang gawain sa kanila. Partikular na, yaong mga nag-uugnayan sa paglilingkod sa Diyos ay kailangang magkaroon ng mas matinding pagkaunawa tungkol sa maraming kalagayang dulot ng gawaing isinasagawa ng Banal na Espiritu sa mga tao. Kung nagsasalita ka lamang tungkol sa maraming karanasan o pamamaraan para makapasok, ipinakikita nito na ang karanasan mo ay masyadong may pinapanigan. Kung hindi mo alam ang iyong tunay na kalagayan at hindi mo nauunawaan ang katotohanang prinsipyo, hindi posibleng magkamit ng pagbabago sa disposisyon. Kung hindi mo alam ang mga prinsipyo ng gawain ng Banal na Espiritu o nauunawaan ang ibinubunga nito, mahihirapan kang mahiwatigan ang gawain ng masasamang espiritu. Kailangan mong ihayag ang gawain ng masasamang espiritu, pati na rin ang mga pagkaunawa ng tao, at tumbukin ang pinakabuod ng usapin; kailangan mo ring banggitin ang maraming paglihis sa pagsasagawa ng mga tao at ang mga problemang maaaring umiiral sa kanilang pananampalataya sa Diyos, upang mapansin nila ang mga ito. Kahit paano, huwag mo silang bigyan ng dahilan para maging negatibo o walang kibo. Gayunpaman, kailangan mong maunawaan ang mga paghihirap na talagang umiiral para sa karamihan, hindi ka dapat maging hindi

makatwiran o “tangkaing turuan sila ng isang bagay na ayaw nilang matutuhan”; kahangalan iyan. Para malutas ang maraming paghihirap na nararanasan ng mga tao, kailangan mo munang maunawaan ang pag-unlad ng gawain ng Banal na Espiritu; kailangan mong maunawaan kung paano isinasagawa ng Banal na Espiritu ang gawain sa iba’t ibang mga tao, kailangan mong maunawaan ang mga paghihirap na kinakaharap ng mga tao at ang kanilang mga pagkukulang, at kailangan mong makita nang malinaw ang mga pangunahing usapin ng problema at malaman ang pinagmulan nito, nang hindi lumilihis o nagkakamali. Ang ganitong uri lamang ng tao ang karapat-dapat na makipag-ugnayan sa paglilingkod sa Diyos.

Hinango mula sa “Ang Nararapat na Isangkap sa Isang Katanggap-tanggap na Pastol” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kasalukuyang itinatayo ang iglesia at sinusubukan ni Satanas ang buong makakaya nito upang gibain ito. Nais nitong gibain ang Aking pagtatayo sa anumang posibleng paraan; dahil dito, dapat na dalisayin kaagad ang iglesia. Wala ni katiting na mga latak ng kasamaan ang dapat matira; dapat dalisayin ang iglesia upang wala itong maging kapintasan at magpatuloy itong maging kasingdalisay ng dati. Dapat gising kayo at naghihintay sa lahat ng oras, at dapat kayong mas manalangin sa harapan Ko. Dapat ninyong makilala ang iba’t ibang balak at mga tusong pakana ni Satanas, makilala ang mga espiritu, makilala ang mga tao, at makayang makilatis ang lahat ng uri ng tao, pangyayari, at bagay; dapat ding mas kumain at uminom kayo ng Aking mga salita at, lalong mahalaga, dapat ninyong makayang kumain at uminom ng mga ito nang kayo lamang. Sangkapan ninyo ang inyong mga sarili ng lahat ng katotohanan, at lumapit sa Akin upang mabuksan Ko ang inyong espirituwal na mga mata at mapahintulutan kayong makita ang lahat ng hiwaga na nasa loob ng espiritu…. Kapag pumapasok ang iglesia sa yugto ng pagtatayo nito, ang mga banal ay nagmamartsa upang makidigma. Inilalagay sa harap ninyo ang iba’t ibang nakapangingilabot na katangian ni Satanas: Tumitigil ba

kayo at umuurong, o tumatayo ba kayo at patuloy na lumalakad pasulong na umaasa sa Akin? Lubusan ninyong ilantad ang tiwali at pangit na mga katangian ni Satanas, kahit na may masaktang damdamin, at huwag kayong magpakita ng awa! Labanan mo si Satanas hanggang kamatayan! Ako ang iyong suporta, at dapat kang magkaroon ng espiritu ng batang lalaki! Nagwawala si Satanas sa kahuli-hulihang paghihingalo nito, pero hindi pa rin nito matatakasan ang Aking paghatol. Nasa ilalim ng Aking mga paa si Satanas at tinatapakan din ito ng inyong sariling mga paa—ito ay isang katunayan!

Lahat ng relihiyosong nanggagambala, at ang mga gumigiba sa pagtatayo ng iglesia, ay hindi mapakikitaan ng kahit katiting na pagpaparaya at sa halip ay kaagad silang hahatulan; si Satanas ay malalantad, yuyurakan, lubusang wawasakin, at maiiwan na walang matataguan. Tiyak na ibubunyag ng lahat ng uri ng mga demonyo at multo ang kanilang tunay na mga anyo sa harapan Ko, at itatapon Ko silang lahat sa walang-hanggang kalaliman kung saan hindi sila makalalaya kailanman; lahat sila ay magiging nasa ilalim ng ating mga paa. Kung gusto mong pagsumikapang gawin ang tama para sa katotohanan, una sa lahat, hindi mo dapat bigyan si Satanas ng anumang pagkakataon na gumawa—sa layuning ito, kailangan ninyong maging isa sa isipan at kayang maglingkod nang may koordinasyon, iwanan ang lahat ng sarili ninyong pagkaunawa, opinyon, pananaw at paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay, payapain ang puso ninyo sa loob Ko, magtuon sa tinig ng Banal na Espiritu, pagtuunan ng pansin ang gawain ng Banal na Espiritu, at danasin ang mga salita ng Diyos nang detalyado. Dapat kang magkaroon ng isang intensyon lamang, ang mangyari ang kalooban Ko. Wala ka dapat na iba pang intensyon bukod dito. Dapat kang tumingin sa Akin nang buong puso, masdang mabuti ang Aking mga pagkilos at ang paraan ng paggawa Ko ng mga bagay-bagay, at huwag maging pabaya sa anumang paraan. Dapat na matalas ang espiritu mo at bukas ang iyong mga mata. Karaniwan, pagdating sa mga hindi tama ang mga intensyon at layunin, pati na rin ang mga gustong nakikita ng iba, na mga sabik gumawa ng mga bagay-bagay,

na mga malamang magdulot ng mga pagkagambala, na magagaling manalumpati ng mga relihiyosong doktrina, na mga kampon ni Satanas, at iba pa—kapag tumatayo ang mga taong ito, nagiging suliranin sila para sa iglesia, at napupunta sa wala ang pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos ng mga kapatid. Kapag nakatagpo kayo ng ganitong uri ng mga taong nagkukunwari, agad na pagbawalan sila. Kung, sa kabila ng paulit-ulit na mga pagpapaalaala, hindi sila nagbabago, daranas sila ng kawalan. Kung ang mga nagmamatigas na ipilit ang kanilang paraan ay magtatangkang ipagtanggol ang kanilang sarili at susubukang pagtakpan ang kanilang mga kasalanan, dapat silang agad na tanggalin ng iglesia at huwag bigyan ng lugar para magmaniobra. Huwag mawalan ng marami sa pagsisikap na magligtas ng kaunti; at ituon ang pansin sa kabuuan.

Hinango mula sa “Kabanata 17” ng Mga Pagbigkas ni Cristo sa Pasimula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Mga Responsibilidad sa Gawain ng mga Diyakono ng Pagdidilig sa Iglesia

1. Sa buhay-iglesia, kailangang manguna ang mga diyakono ng pagdidilig sa pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, banggitin ang sarili nilang karanasan at kaalaman sa lahat ng bagay, malaman at suriin ang sarili nilang mga tiwaling disposisyon, at ihayag ang sarili nilang mga maling motibo at iba’t ibang makademonyong mga lason, upang matutuhan ng mga taong hinirang ng Diyos kung paano makilala ang kanilang sarili at makapasok sa realidad ng katotohanan.

2. Ang mga diyakono ng pagdidilig ay kailangang isagawa nang wasto ang gawain ng pagdidilig sa mga baguhan. Bago ang anumang iba pa, kailangan nilang lutasin ang sarili nilang mga maling palagay at pagkaunawa. Kailangan silang magtamo ng tunay na pagkaunawa sa mga katotohanan kaugnay ng mga pangitain at tiyakin na nauunawaan ng mga baguhan ang mga katotohanang ito sa loob ng anim na buwan, upang maiugat nila ang kanilang sarili sa tunay na daan.

3. Ang isang diyakono ng pagdidilig sa iglesia ay kailangang dumalo

sa mga pagpupulong kasama ang lahat ng grupo sa pamamagitan ng pag-ikot sa pagitan ng mga ito. Kapag natuklasan ang problema, dapat nilang lutasin iyon kaagad sa pamamagitan ng paghahanap sa katotohanan; ang malalaking problema ay kailangang lutasin sa pamamagitan ng pakikipagbahaginan sa mga lider ng iglesia. Hindi dapat itago ang mga tunay na pangyayari.

4. Ang mga diyakono ng pagdidilig ay kailangang makipagtulungan sa mga lider ng iglesia sa pagsasagawa ng gawain ng iglesia. Dapat ay regular silang nakikipag-ugnayan sa mga lider ng iglesia hinggil sa mga isyu at hirap na umiiral sa iglesia, at magkasamang hanapin ang prinsipyo ng katotohanan upang malutas ang mga problemang ito. Dapat ding subaybayan ng mga diyakono ng pagdidilig ang gawain ng mga lider ng iglesia at iulat kaagad ang mga seryosong problema sa sandaling matuklasan ang mga ito.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Mga Responsibilidad sa Gawain ng mga Diyakono ng Ebanghelyo

1. Ang mga diyakono ng ebanghelyo ay dapat pamahalaan yaong mga nasa iglesia na sanay sa pagpapalaganap ng ebanghelyo o handang maturuan sa pagpapalaganap ng ebanghelyo. Ang mga diyakono ng ebanghelyo ay dapat ibahagi nang madalas ang mga katotohanan, karunungan, at iba’t ibang epektibong paraan ng pagpapalaganap ng ebanghelyo sa gayong mga tao, upang ang mga nagpapalaganap ng ebanghelyo ay maunawaan ang katotohanan at maunawaan ang mga prinsipyo.

2. Ang mga diyakono ng ebanghelyo ay kailangang sundin ang mga prinsipyo ng “limang maaaring pangaralan” at “limang hindi maaaring pangaralan.” Kailangan nilang tiyakin na ang mga tumatanggap ng ebanghelyo ay may sapat na mabuting pagkatao, naghahangad sa katotohanan, at may kakayahang unawain ang katotohanan. Hindi dapat ipangaral ang ebanghelyo sa mga taong may masamang pagkatao, walang

interes sa katotohanan, at hindi tunay na naniniwala sa Diyos.

3. Ang mga diyakono ng ebanghelyo ay kailangang pakilusin ang mga taong hinirang ng Diyos na pumunta sa iba't ibang denominasyon upang alamin kung alin sa kanilang mga miyembro ang nananabik sa pagpapakita ng Diyos at nagmamahal sa katotohanan, gayundin upang malaman ang iba pa kung gaano katagal na silang naniniwala sa Diyos, ang kanilang moralidad, at ang kanilang kakayahan; kung saan matitiyak na may praktikal na plano para sa pagpapalaganap ng ebanghelyo, dapat magpadala ng isang angkop na miyembro ng pangkat upang ipalaganap ang ebanghelyo sa kanila. Dagdag pa rito, dapat pakilusin ang mga taong hinirang ng Diyos upang tingnan kung sino ang mga potensyal na magbabalik-loob sa ebanghelyo sa mga kamag-anak, kaibigan, at kakilala, upang makapagplano na ipalaganap ng isang tao ang ebanghelyo sa kanila.

4. Ang mga diyakono ng ebanghelyo ay kailangang pakilusin ang mga taong hinirang ng Diyos upang damhin ang saloobin ng mga tao at maghanap ng mga potensyal na may pag-asang maturuan ng ebanghelyo, na gumagamit ng iba't ibang angkop at epektibong paraan upang makahanap ng mga potensyal na magbabalik-loob sa ebanghelyo. Kapag natuklasan ang gayong mga tao, kailangang iulat sila sa iglesia, pagkatapos ay maaaring tumuklas at tumukoy ng isang angkop na pamamaraan para mangaral sa kanila.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Mga Responsibilidad sa Gawain ng mga Diyakono ng mga Pangkalahatang Usapin

1. Ang mga diyakono ng mga pangkalahatang usapin ay responsable sa pamamahagi ng mga aklat ng mga salita ng Diyos, mga pinakahuling sermon at pagbabahagi, at mga plano sa gawain, na tinitiyak na walang anumang pagkaantala o kakulangan.

2. Ang mga diyakono ng mga pangkalahatang usapin ay kailangang

malaman at maunawaan ang mga praktikal na hirap na kinakaharap ng ilan sa mga taong hinirang ng Diyos na buong-panahong ginagampanan ang kanilang mga tungkulin, at ginagawa ang lahat ng posible upang tulungan silang malutas ang kanilang mga alalahanin.

3. Ang mga diyakono ng mga pangkalahatang usapin ay kailangang regular na alamin ang sitwasyon sa pag-iingat ng mga pag-aari, literatura, at ari-arian ng iglesia upang matiyak ang integridad ng lahat ng ari-arian ng iglesia.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

92. Ang Mga Prinsipyo sa Pagiging Isang Mangangaral

(1) Kinakailangan na ang isang mangangaral ay madalas kumain at uminom ng mga salita ng Diyos at sangkapan ang kanilang mga sarili ng katotohanan. Makita ang mga kakulangan at agad na baguhin ang mga iyon, at lutasin ang lahat ng uri ng problema sa pamamagitan ng pagbabahagi sa katotohanan nang naaayon sa mga salita ng Diyos;

(2) Kinakailangang maunawaan ang tunay na kalagayan ng bawat lider at diakono ng iglesia. Kapag ang tao ay nakakita ng isang bulaang lider o bulaang manggagawa sa hanay nila, dapat ay agad na maiulat at malutas ang problema;

(3) Kinakailangang makipagtulungan sa mga lider ng distrito sa bawat aspeto ng gawain ng distritong iyon. Dapat na magkaroon ng maayos na pakikipag-ugnayan, pati na ng pagtuon sa pagtuklas at paglinang ng talento;

(4) Kinakailangang matutuhang sumubaybay sa gawain ng mga lider at manggagawa ng distrito. Kapag ang isa sa kanila ay natuklasang hindi gumagawa ng praktikal na gawain, dapat silang mabigyan ng direksyon at maiulat.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Yaong mga maaaring mamuno sa mga iglesia, tustusan ng buhay ang

mga tao, at maging mga apostol sa mga tao ay kailangang magkaroon ng aktwal na karanasan; kailangang magkaroon sila ng tamang pagkaunawa tungkol sa mga espirituwal na bagay at ng tamang pagpapahalaga at karanasan sa katotohanan. Ang gayong mga tao lamang ang nararapat maging mga manggagawa o apostol na namumuno sa mga iglesia. Kung hindi, maaari lamang silang sumunod bilang pinakamababa at hindi maaaring mamuno, lalong hindi sila maaaring maging mga apostol na nagagawang tustusan ng buhay ang mga tao. Iyan ay dahil ang tungkulin ng mga apostol ay hindi upang magparoo't parito o makipaglaban; iyan ay upang gawin ang gawain ng pagmiministeryo sa buhay at pamumuno sa iba sa pagbabago ng kanilang mga disposisyon. Yaong mga gumaganap sa tungkuling ito ay binigyan ng tagubiling bumalikat ng mabigat na responsibilidad, na hindi kakayaning gawin ng kahit sino. Ang uring ito ng gawain ay maaari lamang gawin ng mga yaon na may kahulugan ang buhay, ibig sabihin, yaong mga may karanasan sa katotohanan. Hindi ito maaaring gawin ng kahit sino na maaaring magbitiw, magparoo't parito, o handang gugulin ang kanilang sarili; ang mga taong walang karanasan sa katotohanan, na hindi pa natabasan o nahatulan, ay hindi nagagawa ang ganitong uri ng gawain. Ang mga taong walang karanasan, ang mga taong walang realidad, ay hindi nakikita nang malinaw ang realidad dahil sila mismo ay walang ganitong uri ng pagkatao. Kaya, ang ganitong uri ng tao ay hindi lamang hindi nagagawang mamuno, kundi, kung mananatiling wala sa kanila ang katotohanan sa loob ng mahabang panahon, magiging pakay sila ng pag-aalis.

Hinango mula sa "Gawain ng Diyos at Gawain ng Tao" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kailangan mong magkaroon ng pagkaunawa tungkol sa maraming kalagayang kalalagyan ng mga tao kapag isinasagawa ng Banal na Espiritu ang gawain sa kanila. Partikular na, yaong mga nag-uugnayan sa paglilingkod sa Diyos ay kailangang magkaroon ng mas matinding pagkaunawa tungkol sa maraming kalagayang dulot ng gawaing

isinasagawa ng Banal na Espiritu sa mga tao. Kung nagsasalita ka lamang tungkol sa maraming karanasan o pamamaraan para makapasok, ipinakikita nito na ang karanasan mo ay masyadong may pinapanigan. Kung hindi mo alam ang iyong tunay na kalagayan at hindi mo nauunawaan ang katotohanang prinsipyo, hindi posibleng magkamit ng pagbabago sa disposisyon. Kung hindi mo alam ang mga prinsipyo ng gawain ng Banal na Espiritu o nauunawaan ang ibinubunga nito, mahihirapan kang mahiwatigan ang gawain ng masasamang espiritu. Kailangan mong ihayag ang gawain ng masasamang espiritu, pati na rin ang mga pagkaunawa ng tao, at tumbukin ang pinakabuod ng usapin; kailangan mo ring banggitin ang maraming paglihis sa pagsasagawa ng mga tao at ang mga problemang maaaring umiiral sa kanilang pananampalataya sa Diyos, upang mapansin nila ang mga ito. Kahit paano, huwag mo silang bigyan ng dahilan para maging negatibo o walang kibo. Gayunpaman, kailangan mong maunawaan ang mga paghihirap na talagang umiiral para sa karamihan, hindi ka dapat maging hindi makatwiran o “tangkaing turuan sila ng isang bagay na ayaw nilang matutuhan”; kahangalan iyan. Para malutas ang maraming paghihirap na nararanasan ng mga tao, kailangan mo munang maunawaan ang pag-unlad ng gawain ng Banal na Espiritu; kailangan mong maunawaan kung paano isinasagawa ng Banal na Espiritu ang gawain sa iba’t ibang mga tao, kailangan mong maunawaan ang mga paghihirap na kinakaharap ng mga tao at ang kanilang mga pagkukulang, at kailangan mong makita nang malinaw ang mga pangunahing usapin ng problema at malaman ang pinagmulan nito, nang hindi lumilihis o nagkakamali. Ang ganitong uri lamang ng tao ang karapat-dapat na makipag-ugnayan sa paglilingkod sa Diyos.

Nagagawa mo man o hindi na maunawaan ang mga pangunahing usapin at makita nang malinaw ang maraming bagay ay nakasalalay sa iyong sariling mga karanasan. Ang paraan ng iyong pagdanas ay siya ring paraan ng iyong pag-akay sa iba. Kung nauunawaan mo ang mga titik at doktrina, maaakay mo ang iba na maunawaan ang mga titik at doktrina.

Ang paraan ng iyong pagdanas sa realidad ng mga salita ng Diyos ang magiging paraan ng iyong pag-akay sa iba na makapasok sa realidad ng mga pahayag ng Diyos. Kung nagagawa mong unawain ang maraming katotohanan at malinaw kang nagtatamo ng kabatiran sa maraming bagay mula sa mga salita ng Diyos, may kakayahan kang akayin ang iba na maunawaan din ang maraming katotohanan, at yaong mga inaakay mo ay magkakaroon ng malinaw na pagkaunawa sa mga pangitain. Kung magtutuon ka sa pag-unawa sa mga damdaming di-pangkaraniwan, gagawin din iyon ng mga inaakay mo. Kung kinaliligtaan mong magsagawa, at sa halip ay binibigyang-diin mo ang talakayan, yaong mga inaakay mo ay magtutuon din sa talakayan, nang hindi man lamang nagsasagawa o nagkakaroon ng anumang pagbabago sa kanilang mga disposisyon; magiging masigasig lamang sila kunwari, nang hindi isinasagawa ang anumang mga katotohanan. Ibinibigay ng lahat ng tao sa iba kung ano ang mayroon sila mismo. Ang uri ng tao ang tumutukoy sa landas kung saan nila inaakay ang iba, gayundin ang uri ng mga tao na inaakay nila. Upang maging tunay na akmang kasangkapanin ng Diyos, hindi lamang kayo kailangang magkaroon ng hangarin, kundi kailangan din ninyo ng malaking kaliwanagan mula sa Diyos, patnubay mula sa Kanyang mga salita, karanasang mapakitunguhan Niya, at pagpipino ng Kanyang mga salita. Kung gagawin ninyo itong pundasyon, sa karaniwang mga pagkakataon, dapat kayong magtuon ng pansin sa inyong mga obserbasyon, saloobin, pagbubulay-bulay, at konklusyon, at maging abala sa pagtanggap o pag-aalis nang naaayon dito. Lahat ng ito ay mga landas para sa inyong pagpasok sa realidad, at bawat isa sa mga ito ay lubhang kailangan. Ganito gumagawa ang Diyos. Kung gagamitin mo ang pamamaraang ito ng paggawa ng Diyos, magkakaroon ka ng mga pagkakataon araw-araw na magawa ka Niyang perpekto. At anumang oras, malupit man o kanais-nais ang iyong sitwasyon, sinusubok ka man o tinutukso, gumagawa ka man o hindi, at namumuhay ka man nang mag-isa o bahagi ka ng isang grupo, palagi kang makahahanap ng mga pagkakataon para magawang perpekto ng Diyos, nang hindi pinalalampas

ni isa sa mga ito. Magagawa mong tuklasin ang mga ito at sa ganitong paraan, masusumpungan mo ang lihim sa pagdanas ng mga salita ng Diyos.

Hinango mula sa “Ang Nararapat na Isangkap sa Isang Katanggap-tanggap na Pastol” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa kanilang gawain, kailangang bigyang-pansin ng mga lider at manggagawa ng iglesia ang dalawang bagay: Ang isa ay ang gawing ganap ang kanilang gawain ayon sa mga prinsipyong nakasaad sa mga pagsasaayos ng gawain, nang hindi kailanman nilalabag ang mga prinsipyong iyon at hindi ibinabatay ang kanilang gawain sa anumang maaari nilang mailarawan sa isip o sa alinman sa mga sarili nilang pag-iisip. Sa lahat ng ginagawa nila, dapat silang magpakita ng malasakit sa gawain ng tahanan ng Diyos, at laging unahin ang kapakanan nito. Isang bagay pa—at ito ang pinakamahalaga—iyon ay sa lahat ng bagay, dapat silang magtuon sa pagsunod sa patnubay ng Banal na Espiritu at gawin ang lahat nang mahigpit na sinusunod ang mga salita ng Diyos. Kung nakakaya mo pa ring salungatin ang patnubay ng Banal na Espiritu, o kung nagmamatigas mo pa ring sinusunod ang mga sarili mong pag-iisip at ginagawa ang mga bagay-bagay ayon sa sarili mong imahinasyon, ang mga kilos mo ang bubuo sa pinakamatinding paglaban sa Diyos. Walang patutunguhan ang madalas mong pagtalikod sa kaliwanagan at patnubay ng Banal na Espiritu. Kung maiwala mo ang gawain ng Banal na Espiritu, hindi mo na magagawang magtrabaho; at kahit pa magawa mong makapagtrabaho kahit paano, wala kang matatapos. Ito ang dalawang pangunahing prinsipyong dapat sundin habang gumagawa: Ang isa ay ang isagawa ang gawain nang ganap na naaayon sa mga pagsasaayos mula sa Itaas, gayundin ang kumilos ayon sa mga prinsipyong naitakda ng nasa Itaas; ang isa pa ay ang sundin sa iyong kalooban ang patnubay ng Banal na Espiritu. Sa sandaling maunawaan mo ang dalawang puntong ito, hindi ka na manganganib na makagawa ng mga pagkakamali.

Hinango mula sa “Ang mga Pangunahing Prinsipyo ng Gawain Para sa mga Lider at

Manggagawa” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang gawain ay tumutukoy hindi sa pagparoo’t parito para sa Diyos, kundi sa kung ang buhay ng tao at ang isinasabuhay ng tao ay nagbibigay ng kasiyahan sa Diyos. Ang gawain ay tumutukoy sa paggamit ng tao ng kanilang katapatan sa Diyos at sa kanilang kaalaman sa Diyos upang magpatotoo tungkol sa Diyos, at magministeryo din sa tao. Ito ang responsibilidad ng tao at ito ang dapat maunawaan ng lahat ng tao. Maaaring sabihin ng isang tao na ang pagpasok ninyo ang inyong gawain, at na naghahangad kayong pumasok sa panahon ng inyong paggawa para sa Diyos. Ang pagdanas sa gawain ng Diyos ay hindi lamang nangangahulugan na marunong kayong kumain at uminom ng Kanyang salita; ang mas mahalaga, kailangan ninyong malaman kung paano magpatotoo tungkol sa Diyos at makapaglingkod sa Diyos at makapagministeryo at makapaglaan sa tao. Ito ang gawain, at ito rin ang inyong pagpasok; ito ang dapat isakatuparan ng bawat tao. Marami ang nakatuon lamang sa pagparoo’t parito para sa Diyos at pangangaral sa lahat ng dako, subalit hindi pinapansin ang kanilang personal na karanasan at kinaliligtaan ang kanilang pagpasok sa espirituwal na buhay. Ito ang dahilan kaya yaong mga naglilingkod sa Diyos ay naging yaong mga lumalaban sa Diyos.

Hinango mula sa “Gawain at Pagpasok (2)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kapag mas isinasaisip mo ang kalooban ng Diyos, mas bibigat ang iyong pasanin, at kapag mas mabigat ang iyong pasanin, mas yayaman ang iyong karanasan. Kapag isinasaisip mo ang kalooban ng Diyos, bibigyan ka ng Diyos ng isang pasanin, at pagkatapos ay liliwanagan ka tungkol sa mga gawaing naipagkatiwala Niya sa iyo. Kapag ibinigay ng Diyos ang pasaning ito sa iyo, papansinin mo ang lahat ng nauugnay na katotohanan habang kumakain at umiinom ka ng mga salita ng Diyos. Kung mayroon kang pasanin na may kaugnayan sa kalagayan sa buhay ng iyong mga kapatid, ito ay isang pasanin na naipagkatiwala sa iyo ng Diyos, at palagi mong dadalhin ang pasaning ito sa iyong mga dalangin sa araw-

araw. Ang ginagawa ng Diyos ay naipagkatiwala na sa iyo, at handa kang isakatuparan yaong nais gawin ng Diyos; ito ang ibig sabihin ng dalhin na parang iyo ang pasanin ng Diyos. Sa puntong ito, sa iyong pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, magtutuon ka sa ganitong klase ng mga isyu, at iisipin mo, Paano ko lulutasin ang mga problemang ito? Paano ko mabibigyan ng kakayahan ang aking mga kapatid na magkamit ng paglaya at makasumpong ng espirituwal na kasiyahan? Magtutuon ka rin sa paglutas ng mga problemang ito habang nakikibahagi, at habang kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, magtutuon ka sa pagkain at pag-inom ng mga salitang nauugnay sa mga isyung ito. Magdadala ka rin ng isang pasanin habang kumakain at umiinom ng Kanyang mga salita. Kapag naunawaan mo na ang mga hinihingi ng Diyos, magkakaroon ka ng mas malinaw na ideya tungkol sa landas na tatahakin. Ito ang kaliwanagan at pagpapalinaw ng Banal na Espiritu na dulot ng iyong pasanin, at ito rin ang patnubay na ipinagkaloob ng Diyos sa iyo. Bakit Ko sinasabi ito? Kung wala kang pasanin, hindi ka magbibigay-pansin habang kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos; kapag ikaw ay kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos habang nagdadala ng isang pasanin, mauunawaan mo ang diwa ng mga ito, mahahanap ang iyong daan, at isasaisip ang kalooban ng Diyos.

Hinango mula sa “Isaisip ang Kalooban ng Diyos para Makamit ang Pagiging Perpekto” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Habang umuusad ang buhay mo, dapat palagi kang may bagong pagpasok at bagong, mas mataas na kabatiran, na lumalalim sa bawat hakbang. Ito ang dapat na pasukin ng lahat ng sangkatauhan. Sa pamamagitan ng pakikipagniig, pakikinig sa mga sermon, pagbabasa ng salita ng Diyos, o pagtatangan sa ilang usapin, magkakamit ka ng bagong kabatiran at bagong kaliwanagan, at hindi namumuhay sa loob ng mga lumang patakaraan at lumang panahon; palagi kang mamumuhay sa bagong liwanag, at hindi lalayo mula sa salita ng Diyos. Ito ang ibig sabihin ng pagsisimula sa tamang landas. Ang pagbabayad sa isang halaga nang

paimbabaw na antas lamang ay hindi maaari; bawat araw, pumapasok ang salita ng Diyos sa mas mataas na dako, at lumilitaw ang mga bagong bagay araw-araw, at ang tao rin, dapat gumawa ng bagong tala araw-araw. Habang nagsasalita ang Diyos, dinadala Niya sa katuparan ang lahat ng sinasabi Niya, at kung hindi ka makasasabay, mahuhuli ka. Dapat kang mas lumalim sa mga panalangin mo; hindi maaaring pahintu-hinto ang pagkain at pag-inom ng salita ng Diyos. Laliman ang kaliwanagan at pagpapalinaw na tinatanggap mo, at dapat unti-unting umurong ang mga kuro-kuro at mga guni-guni mo. Dapat mo ring palakasin ang paghatol mo, at anumang makatatagpo mo, dapat kang magkaroon ng sarili mong mga saloobin tungkol dito at magkaroon ng sarili mong mga pananaw. Sa pamamagitan ng pagkaunawa ng ilang mga bagay sa espiritu, dapat mong makamit ang kabatiran sa panlabas na mga bagay at maunawaan ang kaibuturan ng anumang usapin. Kung hindi ka nabigyan ng mga bagay na ito, paano mo maaakay ang iglesia? Kung nagsasalita ka lamang tungkol sa mga titik at mga doktrina nang walang anumang realidad at walang paraan ng pagsasagawa, makararaos ka lamang sa loob ng maikling panahon. Maaaring bahagya itong katanggap-tanggap kapag nakikipag-usap sa mga bagong mananampalataya, ngunit makalipas ang panahon, kapag nagkaroon na ng ilang aktwal na karanasan ang mga bagong mananampalataya, hindi mo na sila matustusan. Kung gayon paano kang nababagay sa paggamit ng Diyos? Kung walang bagong kaliwanagan, hindi ka makagagawa. Yaong mga walang bagong kaliwanagan ay yaong mga hindi alam kung paano makaranas, at hindi kailanman magkakamit ng bagong kaalaman o bagong karanasan ang ganitong mga tao. At, sa usapin ng pagtutustos ng buhay, hindi nila kailanman magagampanan ang tungkulin nila, ni magiging angkop sila sa paggamit ng Diyos. Walang silbi ang ganitong uri ng tao, isang palaboy lamang. Sa katotohanan, ang ganitong mga tao ay lubos na walang kakayahang gampanan ang tungkulin nila sa gawain, walang silbi silang lahat. Hindi lamang sila nabibigong gampanan ang tungkulin nila, kundi talagang naglalagay pa sila ng higit na di-kinakailangang pahirap sa iglesia. Hinihimok Ko itong

“kagalang-galang na matatandang mga lalaki” na magmadali at iwanan ang iglesia, upang hindi ka na kailangang tingnan ng iba.

Hinango mula sa “Yaong mga Sumusunod sa Diyos Nang may Tunay na Puso ay Tiyak na Makakamit ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Mga Tungkulin sa Gawain ng mga Pandistritong Mangangaral

Ang pangunahing gawain ng mga pandistritong mangangaral ay ang maayos na diligan ang mga pinuno at tagapaglingkod ng mga iglesia saanman sa loob ng distrito (kabilang ang mga manggagawang tumutupad ng kanilang mga tungkulin patungkol sa mga pangkalahatang usapin. Ang kanilang mga partikular na tungkulin ay ang mga sumusunod:

1. Dapat silang magdilig at magbigay ng kabuhayan para sa lahat ng mga pinuno ng iglesia at mga manggagawa alinsunod sa mga salita ng Diyos at kasama ng mga pangaral at pagbabahagi sa pagpasok sa buhay, paglutas ng anumang mga kahirapan at mga suliraning patungkol sa kanilang pagpasok sa buhay.

2. Dapat silang nakapagsasalamuha sa mga katotohanan kasama ng paghahayag ng katiwalian ng mga tao pati na rin ang kanilang mga pagkakamali at paglihis sa kanilang pagtupad ng mga tungkulin, sa gayon ay nalulutas ang mga suliranin naroon sa realidad.

3. Dapat silang makakuha ng mahusay na pagkaunawa sa mga totoong kondisyon at aktuwal na katayuan ng lahat ng mga pinuno at mga tagapaglingkod ng iglesia sa pamamagitan ng mga pakikipag-ugnayan at taos-pusong mga pakikipagpalitan. Kung natuklasang alinman sa pitong uri ng mga tao ay nasa katungkulan ng mga pinuno at mga manggagawa, dapat na iulat ang ganoong mga sitwasyon sa mga pandistritong pinuno at ang mga taong ito ay dapat na mapalitan sa lalong madaling panahon.

4. Kung nakatuklas ng mga taong may potensyal na malinang, dapat silang linangin at diligan ng mga pandistritong mangangaral, at iulat sa mga mas nakatataas na pamunuan. Lahat ng ito ay dapat gawin ng walang pagpapaliban.

5. Dapat silang magsikap upang maintindihan at magkaroon ng mahusay na pagkaunawa sa mga suliraning nananatili sa bawat iglesia, nilulutas ang mga iyon sa madaling panahon. Patungkol sa mga suliranin na hindi malulutas, dapat iulat ang mga ito sa mga pandistritong pinuno o mga panrehiyon na tagapangasiwa, nang hindi itinatago ang mga katotohanan o tinatrato ng walang kaseryosohan ang mga iyon.

6. Dapat nilang pangalagaan ang mga hinirang ng Diyos, pinipigilan silang malinlang at kontrolin ng mga huwad na Cristo, mga anticristo, at lahat ng uri ng masasamang espiritu. Ito ang takdang responsibilidad ng lahat ng antas ng mga pinuno at mga manggagawa sa iglesia. Kung may sinumang naglilingkod bilang mga pinuno ang hindi umaako ng responsibilidad para sa mga hinirang ng Diyos, o hindi sila napapangalagaan, ito ay isang malalang pagtutol laban sa Diyos at pagtataksil sa Kanya, at dapat silang panagutin ng bahay ng Diyos.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

93. Ang Mga Prinsipyo sa Pagdidilig at Paglalaan

(1) Kinakailangang piliin kung alin sa mga salita ng Diyos ang kakainin at iinumin, at kung aling mga katotohanan ang ibabahagi, sa pagsasaalang-alang sa mga pagsasaayos ng gawain. Sa ganitong paraan lang unti-unting mauunawaan ng tao ang katotohanan at makakapasok sa realidad.

(2) Kinakailangang malaman ang kasalukuyang gawain ng Banal na Espiritu batay sa mga sermon at pagbabahagi ng Diyos at ng taong ginagamit Niya, at sanayin ang sarili sa paggamit ng katotohanan sa paglutas ng mga praktikal na problema;

(3) Ang pagbabahagi ng katotohanan ay kinakailangang ibatay sa tayog, kakayahan, at praktikal na suliranin ng bawat tao. Huwag gumamit ng iisang pamamaraan na nakalaan para sa lahat, bagkus ay ibagay ang pamamaraan mo sa iyong tagapakinig;

(4) Dapat na mabasa ang mga salita ng Diyos sa isang kongregasyon,

at maituwid ang katiwalian sa pamamagitan ng pagbabahagi sa katotohanan sa paraan na napagsasama ang mga tunay na kalagayan at aktwal na mga problema ng tao, sa gayon ay nabibigyan sila ng landas kung saan makapagsasagawa.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Bilang mga lider at manggagawa sa iglesia, kung gusto mong akayin ang mga piniling tao ng Diyos sa realidad ng katotohanan at maglingkod bilang mga saksi ng Diyos, pinakamahalaga, dapat na mas malalim ang pang-unawa mo sa pakay ng Diyos sa pagliligtas ng mga tao at sa layunin ng Kanyang gawain. Dapat mong unawain ang kalooban ng Diyos at ang Kanyang iba't ibang hinihingi sa mga tao. Dapat kang maging praktikal sa mga pagsusumikap mo; isagawa lamang yaong naiintindihan mo at ipahayag lamang yaong nalalaman mo. Huwag magyabang, huwag magsalita nang labis, at huwag gumawa ng mga iresponsableng pahayag. Kung magsasalita ka nang labis, kamumuhian ka ng mga tao at makakaramdam ka ng paninisi pagkatapos; sadyang hindi ito kaangkop-angkop. Kapag ipinagkaloob mo ang katotohanan sa iba, hindi mo kailangang pagsabihan o kagalitan sila para matamo nila ang katotohanan. Kung ikaw mismo ay walang taglay na katotohanan at pinagsasabihan lang at pinanagalitan ang iba matatakot sila sa iyo, ngunit hindi ibig sabihin niyan ay nauunawaan nila ang katotohanan. Sa ilang gawaing administratibo, tama lang na pagsabihan at pungusan at disiplinahin ang iba kahit papaano. Ngunit kung hindi mo maipagkakaloob ang katotohanan at ang alam mo lamang ay magdomina at manermon sa iba, ang iyong katiwalian at kapangitan ay ibubunyag. Sa paglipas ng panahon, habang hindi natatamo ng mga tao ang panustos ng buhay o mga praktikal na bagay mula sa iyo, kamumuhian ka nila at kayayamutan. Yaong mga walang pagkaunawa ay matututo ng mga negatibong bagay mula sa iyo; matututuhan nilang pagsabihan at pungusan ang iba, magalit, at hindi makapagtimpi. Hindi ba't katumbas iyan ng pag-akay sa iba tungo sa landas ni Pablo, sa landas patungo sa kapahamakan? Hindi ba't masamang gawain iyan? Ang gawain mo ay dapat nakatuon sa

pagpapahatid ng katotohanan at sa pagtustos ng buhay sa iba. Kung ang gagawin mo lamang ay pikit-matang pagsabihan at sermunan ang iba nang hindi mo pinag-iisipan, paano pa nila mauunawaan ang katotohanan. Sa paglipas ng panahon, makikita ng mga tao kung sino kang talaga at tatalikuran ka nila. Paano ka makakaasang madala ang iba sa harapan ng Diyos sa ganitong paraan? Paano ito nagiging paggawa ng gawain? Maiwawala mo ang lahat kung patuloy kang gagawa sa ganitong paraan. Ano ba talagang gawain ang inaasam mong maisakatuparan sa ganitong paraan? May ilang lider na walang kakayahang maghatid ng katotohanan para lumutas ng mga probema. Sa halip basta na lamang nilang pikit-matang pinagsasabihan ang iba at ipinangangalandakan ang kanilang kapangyarihan upang katakutan sila at sundin sila—ang ganitong mga tao ay mga huwad na lider at mga anticristo. Yaong mga hindi nagbago ng disposisyon ay walang kakayahang gumanap ng gawain ng simbahan at hindi kayang maglingkod sa Diyos.

Hinango mula sa “Yaon Lamang mga May Katotohanang Realidad ang May Kakayahang Mamuno” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Dapat kayong gumugol ng mas maraming oras na pinag-uusapan ang mahahalagang bagay na gagawin sa pagpasok sa buhay, tulad ng pagbabahagi sa katotohanan, pagpasok sa buhay, mga pagbabago sa disposisyon, at kaalaman sa sarili. Huwag pag-usapan ang mga bagay na walang kinalaman sa katotohanan. Kung madalas kayong magsasagawa sa ganitong paraan, makakakamit kayo ng ilang katotohanang realidad. Dahil sa inyong kasalukuyang tayog, hindi kayo nakakagawa ng gawaing nagbibigay ng buhay o nakakagamit ng katotohanan upang malutas ang mga suliranin. Ang nagagawa lang ninyo ay hikayatin at payuhan ang mga tao, sinasabing, “Huwag suwayin o labanan ang Diyos. Sa kabila ng ating pagiging lubhang tiwali, inililigtas pa rin tayo ng Diyos, kaya dapat nating pakinggan ang Kanyang mga salita at magpasakop sa Kanya.” Matapos itong marinig, nauunawaan ng mga tao ang mga doktrina, ngunit kulang pa rin sila sa lakas at hindi alam kung paano isasagawa o dadanasin ang mga

salita ng Diyos. Pinatutunayan nitong kayo, bilang mga pinuno at manggagawa, ay hindi rin nagtataglay ng katotohanang realidad. Kung kayo mismo hindi nakamit ang pagpasok, paano kayo makapagbibigay sa iba kung gayon? Hindi mo mauunawaan ang sanhi ng mga paghihirap at tiwaling disposisyon ng ibang tao, hindi mo maiintindihan kung ano ang susi, sapagkat hindi ninyo pa rin kilala ang inyong sarili. Dahil dito, ang paglalaan sa buhay sa iglesia ay hindi ninyo maabot, at maaari ninyo lamang hikayatin ang mga tao, sinasabi sa kanilang maging mabuti at taimtim na sumunod. Wala kayong kakayahang lumutas ng mga tunay na suliranin, na sapat na katibayang hindi kayo tunay na nakaunawa ng katotohanan o nakakamit ng anumang pagpasok sa buhay. Ang alam lamang ng karamihan sa inyo ay kung paano ipangaral ang mga doktrinang espirituwal at mga hungkag na teoryang teolohiko, ngunit hindi ninyo kayang magbigay ng buhay; dahil dito, napakaliit ng inyong tayog. Mayroon pang dapat mabago sa iyong pananaw sa pananampalataya sa Diyos. Ang iyong pag-unawa at mga pagganyak ay nananatiling pareho. Hinihingi mong magbago ang iba, ngunit hindi ka nag-aalok ng landas, at wala kang anumang maibigay sa kanila. Maaari mo lamang pangaralan at payuhan ang mga tao gamit ang mga titik at doktrina. Sa huli, hindi pa rin mauunawaan ng mga pinamumunuan mong hinirang ng Diyos ang katotohanan, ni hindi sila magkakaroon ng totoong kaalaman sa gawain ng Diyos. Kung gayon, paano nila magagampanan nang maayos ang kanilang mga tungkulin? Paano sila magiging masigla bilang mga tagasunod ng Diyos? Bilang mga pinuno at manggagawa, dapat ninyong maunawaan at maintindihan kung anong uri ng pag-unawa sa mga salita ng Diyos mayroon ang mga kapatid sa iglesia, at kung anong uri ng kaalaman ang mayroon sila sa kanilang sarili. Nakasalalay ito sa kung kayo, bilang mga pinuno at manggagawa, ay nagtataglay ng katotohanang realidad.

Hinango mula sa “Paano Tumawid Patungo sa Bagong Panahon” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kailangan mong magkaroon ng pagkaunawa tungkol sa maraming

kalagayang kalalagyan ng mga tao kapag isinasagawa ng Banal na Espiritu ang gawain sa kanila. Partikular na, yaong mga nag-uugnayan sa paglilingkod sa Diyos ay kailangang magkaroon ng mas matinding pagkaunawa tungkol sa maraming kalagayang dulot ng gawaing isinasagawa ng Banal na Espiritu sa mga tao. Kung nagsasalita ka lamang tungkol sa maraming karanasan o pamamaraan para makapasok, ipinakikita nito na ang karanasan mo ay masyadong may pinapanigan. Kung hindi mo alam ang iyong tunay na kalagayan at hindi mo nauunawaan ang katotohanang prinsipyo, hindi posibleng magkamit ng pagbabago sa disposisyon. Kung hindi mo alam ang mga prinsipyo ng gawain ng Banal na Espiritu o nauunawaan ang ibinubunga nito, mahihirapan kang mahiwatigan ang gawain ng masasamang espiritu. Kailangan mong ihayag ang gawain ng masasamang espiritu, pati na rin ang mga pagkaunawa ng tao, at tumbukin ang pinakabuod ng usapin; kailangan mo ring banggitin ang maraming paglihis sa pagsasagawa ng mga tao at ang mga problemang maaaring umiiral sa kanilang pananampalataya sa Diyos, upang mapansin nila ang mga ito. Kahit paano, huwag mo silang bigyan ng dahilan para maging negatibo o walang kibo. Gayunpaman, kailangan mong maunawaan ang mga paghihirap na talagang umiiral para sa karamihan, hindi ka dapat maging hindi makatwiran o “tangkaing turuan sila ng isang bagay na ayaw nilang matutuhan”; kahangalan iyan. Para malutas ang maraming paghihirap na nararanasan ng mga tao, kailangan mo munang maunawaan ang pag-unlad ng gawain ng Banal na Espiritu; kailangan mong maunawaan kung paano isinasagawa ng Banal na Espiritu ang gawain sa iba’t ibang mga tao, kailangan mong maunawaan ang mga paghihirap na kinakaharap ng mga tao at ang kanilang mga pagkukulang, at kailangan mong makita nang malinaw ang mga pangunahing usapin ng problema at malaman ang pinagmulan nito, nang hindi lumilihis o nagkakamali. Ang ganitong uri lamang ng tao ang karapat-dapat na makipag-ugnayan sa paglilingkod sa Diyos.

Nagagawa mo man o hindi na maunawaan ang mga pangunahing

usapin at makita nang malinaw ang maraming bagay ay nakasalalay sa iyong sariling mga karanasan. Ang paraan ng iyong pagdanas ay siya ring paraan ng iyong pag-akay sa iba. Kung nauunawaan mo ang mga titik at doktrina, maaakay mo ang iba na maunawaan ang mga titik at doktrina. Ang paraan ng iyong pagdanas sa realidad ng mga salita ng Diyos ang magiging paraan ng iyong pag-akay sa iba na makapasok sa realidad ng mga pahayag ng Diyos. Kung nagagawa mong unawain ang maraming katotohanan at malinaw kang nagtatamo ng kabatiran sa maraming bagay mula sa mga salita ng Diyos, may kakayahan kang akayin ang iba na maunawaan din ang maraming katotohanan, at yaong mga inaakay mo ay magkakaroon ng malinaw na pagkaunawa sa mga pangitain. Kung magtutuon ka sa pag-unawa sa mga damdaming di-pangkaraniwan, gagawin din iyon ng mga inaakay mo. Kung kinaliligtaan mong magsagawa, at sa halip ay binibigyang-diin mo ang talakayan, yaong mga inaakay mo ay magtutuon din sa talakayan, nang hindi man lamang nagsasagawa o nagkakaroon ng anumang pagbabago sa kanilang mga disposisyon; magiging masigasig lamang sila kunwari, nang hindi isinasagawa ang anumang mga katotohanan. Ibinibigay ng lahat ng tao sa iba kung ano ang mayroon sila mismo. Ang uri ng tao ang tumutukoy sa landas kung saan nila inaakay ang iba, gayundin ang uri ng mga tao na inaakay nila.

Hinango mula sa “Ang Nararapat na Isangkap sa Isang Katanggap-tanggap na Pastol” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Nalihis ang pagbubuod mo sa katotohanan; matapos mong gawin ang lahat ng pagbubuod na ito, nagbunga lang ito ng mga patakaran. Ang inyong “pagbubuod ng katotohanan” ay hindi ginagawa para magtamo ang mga tao ng buhay o magkamit ng mga pagbabago sa kanilang mga disposisyon mula sa katotohanan. Sa halip, nagiging dahilan ito para magpakadalubhasa ang mga tao sa ilang kaalaman at doktrina mula sa loob ng katotohanan. Mukhang naunawaan na nila ang layunin sa likod ng gawain ng Diyos, ngunit sa katunayan kinabisa lamang nila ang ilang salita

at doktrina. Hindi nila nauunawaan ang pinatutungkulang kahulugan ng katotohanan; walang pinagkaiba ito sa pag-aaral ng teolohiya o pagbabasa ng Biblia. Pinagsasama-sama mo ang mga aklat o ang mga pinag-aaralang iyon, kaya nga napapasakanila ang aspetong ito ng doktrina o ang aspetong iyon ng kaalaman. Magagaling kayong tagapagsalita ng mga doktrina—ngunit ano ang nangyayari kapag tapos na kayong magsalita? Ang mga tao ay wala namang kakayanang makaranas, wala silang pagkaunawa sa gawain ng Diyos, ni wala silang anumang pagkaunawa sa kanilang mga sarili. Sa kasukdulan, ang tanging mga nakamtan nila ay mga pormula at alituntunin, at nakapagsasalita sila tungkol sa kaunting mga bagay na ito ngunit wala nang iba pa. Kung gumawa ang Diyos ng isang bagay na bago, makakaya mo bang itugma ang lahat ng doktrinang alam mo riyan? Ang mga bagay na iyan na taglay mo ay mga tuntunin lamang at tinuturuan mo lamang ang mga tao ng teolohiya, hindi sila hinahayaang maranasan ang salita ng Diyos o ang katotohanan. Samakatuwid, ang mga aklat na iyon na pinagsasama-sama mo ay maaari lamang magdala sa iba sa teolohiya at kaalaman, sa mga pormula, at sa mga panuntunan, at kalakaran. Hindi nila madadala ang mga tao sa harapan ng Diyos, o matutulutan silang unawain ang katotohanan o ang kalooban ng Diyos. Iniisip mo na sa sunud-sunod na pagtatanong na iyon, na sinasagot mo naman, at nagsusulat ka ng mga balangkas at mga buod, ang gayong pag-uugali ay magiging dahilan para makaunawa ang iyong mga kapatid. Iniisip mo na bukod sa madaling tandaan ang mga isyung ito ar malinaw sa isang sulyap, at ito'y magaling na paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay. Ngunit ang kanilang nauunawaan ay hindi ang tunay na pinatutungkulang kahulugan ng katotohanan at hindi tumutugma sa realidad—ang mga ito'y mga salita at doktrina lamang. Kaya mas makabubuti kung hindi mo na lamang ginawa ang mga bagay na ito. Ang paggawa nito ay pag-aakay sa mga tao sa pag-unawa at pagsaulo ng kaalaman. Dinadala mo ang iba tungo sa mga doktrina, sa relihiyon, at pinasusunod sila at pinapapaniwala sa Diyos na napapaloob sa mga relihiyosong doktrina. Hindi ba pagiging tulad lamang iyan ni Pablo? Iniisip

mo na partikular na mahalaga ang pagsasaulo ng kaalaman sa katotohanan, gayon din ang pagsasapuso ng mga talata ng mga salita ng Diyos. Ngunit kung paano nauunawaan ng mga tao ang salita ng Diyos ay hindi mahalaga. Iniisip ninyo na napakahalagang maisaulo ng mga tao ang marami sa mga salita ng Diyos, masambit ang maraming doktrina, at matuklasan ang maraming pormula sa loob ng mga salita ng Diyos. Samakatuwid, lagi mong gustong gawan ng sistema ang mga bagay na ito upang ang lahat ay umaawit mula sa isang himnong papel, nagsasabi ng parehong mga bagay, at nagsasalita ng parehong mga doktrina, kaya mayroon silang parehong kaalaman at sumusunod sa parehong mga tuntunin—ito ang inyong layon. Ang paggawa ninyo nito ay mukhang para sa kapakanan ng pagtamo ng mga tao ng pagkaunawa, ngunit sa kabaligtaran wala kayong ideya na ito'y pagdadala sa mga tao sa kalagitnaan ng mga tuntunin na nasa labas ng katotohanan ng mga salita ng Diyos. Upang hayaan ang mga tao na magkaroon ng tunay na pagkaunawa sa katotohanan, dapat iugnay mo ito sa realidad at sa gawain, at lutasin ang mga praktikal na problema ayon sa katotohanan ng mga salita ng Diyos. Tanging sa paraang ito nauunawaan ng mga tao ang katotohanan at nakakapasok sa realidad, at tanging ang pagkamit ng gayong resulta ang talagang pagdadala sa mga tao sa harap ng Diyos. Kung ang lagi mo lamang sinasabi ay tungkol sa mga teoryang espirituwal, mga doktrina, at mga tuntunin, kung nagsusumikap ka lamang sa mga literal na salita, ang makakamit mo lamang ay magawa ang mga tao na magsalita ng parehong bagay at sumunod sa mga tuntunin, nguni't hindi mo makakayang gabayan ang mga tao na unawain ang katotohanan. Lalong hindi mo makakayang tulungan na mas maunawaan ng mga tao ang kanilang mga sarili, at makamit ang pagsisisi at pagbabago.

Hinango mula sa "Kung Wala ang Katotohanan Madaling Magkasala sa Diyos" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kapag, sa inyong pakikipagsalamuha, hindi kayo nagbabahagi tungkol sa mga doktrina na inyong narinig o naalala, o ang mga teoryang pang-

espiritwal na inyong natutuhan, ngunit nagawa ninyong magbahagi tungkol sa mga sarili ninyong kalagayan sa kasalukuyan, tungkol sa mga paraan kung saan ang inyong mga pananaw at mga posisyon sa ilang mga pangyayari ay sumailalim sa pagbabago at natuto ng mga bagong tuklas at bagong pag-unawa, tungkol sa mga bagay sa iyo na salungat sa mga hinihiling ng Diyos at ng katotohanan, sa oras na maibahagi ninyo ang mga ganoong bagay kung gayon, magkakaroon kayo ng tayog. Kung hindi pa ninyo kailanman nasusuri ang lahat ng mga aspketo ng inyong pananaw, katayuan, hangarin, at kaisipan, o kung sa pagsusuri ninyo ng mga ito, hindi ninyo masabi kung tama o mali ang mga iyon, at ang pagtatasa ninyo sa mga iyon ay magulo, mapamumunuan ba ninyo ang iglesya kung gayun, ano ang ipandidilig ninyo sa iba? (Ang mga liham at doktrina.) Sa tingin Ko ay didiligin ninyo ang iba hindi lamang ng mga teoryang espiritwal at mga liham at doktrina, ngunit, marahil, gamit ang inyong kakatwang mga pananaw at personal ninyong mga kuro-kuro ng Diyos, at, higit dito, ng inyong isang-panig na pananaw at pag-unawa sa Diyos, na may ganap na pagsalungat sa totoong kalagayan ng mga bagay at diwa ng Diyos. At ano ang nangyayari sa lahat ng dinala sa ilalim ng gayong pamumuno? Nagagawa lamang nilang magsalita sa mga sulat at doktrina. Kung tunay na nais ng Diyos na ipatupad ang isang bagay sa kanila, ang hindi nila paglaban dito ay magiging isang kasiya-siyang kalalabasan; wala silang gaanong kakayahan sa pagkilala dito nang tama. Ano ang ipinakikita nito? Ipinakikita nito na ang itinatanim ninyo sa iba ay mga kurokuro at guniguni. Kung hindi nadagdagan ng pagkaunawa ang iba at nabawasan ang kanilang hindi pagkakaunawa sa Diyos dahil sa inyong pagdidiig at pamumuno, kumusta kung gayon ang inyong pagganap ng inyong tungkulin? Nagawa ba ninyo ito ng sapat o hindi? (Hindi sapat.) Natukoy na ba ninyo ngayon kung aling mga bahagi ng inyong pagdidilig pagtutubig at kung aling bahagi ng inyong gawaing ang tunay na nakakatulong at kapaki-pakinabang sa iba, na talagang nakalutas ng hindi pagkakaunawa ng iba sa Diyos, at nagbigay sa iba ng tunay na pagkaunawa sa Diyos at normal na relasyon sa Kanya? Kung makakamtan ninyo ang mga bungang ito sa

inyong gawain, nakagawa kayo ng praktikal na gawain at naisagawa nang sapat ang inyong tungkulin kung gayon.

Hinango mula sa “Ang Dapat na Saloobin ng Tao Patungkol sa Diyos” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Habang umuusad ang buhay mo, dapat palagi kang may bagong pagpasok at bagong, mas mataas na kabatiran, na lumalalim sa bawat hakbang. Ito ang dapat na pasukin ng lahat ng sangkatauhan. Sa pamamagitan ng pakikipagniig, pakikinig sa mga sermon, pagbabasa ng salita ng Diyos, o pagtatangan sa ilang usapin, magkakamit ka ng bagong kabatiran at bagong kaliwanagan, at hindi namumuhay sa loob ng mga lumang patakaraan at lumang panahon; palagi kang mamumuhay sa bagong liwanag, at hindi lalayo mula sa salita ng Diyos. Ito ang ibig sabihin ng pagsisimula sa tamang landas. Ang pagbabayad sa isang halaga nang paimbabaw na antas lamang ay hindi maaari; bawat araw, pumapasok ang salita ng Diyos sa mas mataas na dako, at lumilitaw ang mga bagong bagay araw-araw, at ang tao rin, dapat gumawa ng bagong tala araw-araw. Habang nagsasalita ang Diyos, dinadala Niya sa katuparan ang lahat ng sinasabi Niya, at kung hindi ka makasasabay, mahuhuli ka. Dapat kang mas lumalim sa mga panalangin mo; hindi maaaring pahintu-hinto ang pagkain at pag-inom ng salita ng Diyos. Laliman ang kaliwanagan at pagpapalinaw na tinatanggap mo, at dapat unti-unting umurong ang mga kuro-kuro at mga guni-guni mo. Dapat mo ring palakasin ang paghatol mo, at anumang makatatagpo mo, dapat kang magkaroon ng sarili mong mga saloobin tungkol dito at magkaroon ng sarili mong mga pananaw. Sa pamamagitan ng pagkaunawa ng ilang mga bagay sa espiritu, dapat mong makamit ang kabatiran sa panlabas na mga bagay at maunawaan ang kaibuturan ng anumang usapin. Kung hindi ka nabigyan ng mga bagay na ito, paano mo maaakay ang iglesia? Kung nagsasalita ka lamang tungkol sa mga titik at mga doktrina nang walang anumang realidad at walang paraan ng pagsasagawa, makararaos ka lamang sa loob ng maikling panahon. Maaaring bahagya itong katanggap-tanggap kapag nakikipag-

usap sa mga bagong mananampalataya, ngunit makalipas ang panahon, kapag nagkaroon na ng ilang aktwal na karanasan ang mga bagong mananampalataya, hindi mo na sila matustusan. Kung gayon paano kang nababagay sa paggamit ng Diyos? Kung walang bagong kaliwanagan, hindi ka makagagawa. Yaong mga walang bagong kaliwanagan ay yaong mga hindi alam kung paano makaranas, at hindi kailanman magkakamit ng bagong kaalaman o bagong karanasan ang ganitong mga tao. At, sa usapin ng pagtutustos ng buhay, hindi nila kailanman magagampanan ang tungkulin nila, ni magiging angkop sila sa paggamit ng Diyos. Walang silbi ang ganitong uri ng tao, isang palaboy lamang. Sa katotohanan, ang ganitong mga tao ay lubos na walang kakayahang gampanan ang tungkulin nila sa gawain, walang silbi silang lahat. Hindi lamang sila nabibigong gampanan ang tungkulin nila, kundi talagang naglalagay pa sila ng higit na di-kinakailangang pahirap sa iglesia. Hinihimok Ko itong "kagalang-galang na matatandang mga lalaki" na magmadali at iwanan ang iglesia, upang hindi ka na kailangang tingnan ng iba.

Hinango mula sa "Yaong mga Sumusunod sa Diyos Nang may Tunay na Puso ay Tiyak na Makakamit ng Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

94. Ang Mga Prinsipyo sa Paggamit ng Katotohanan upang Lumutas ng mga Problema

(1) Kapag nahaharap sa iba't-ibang problema ng katiwalian ng tao, hanapin ang katotohanan. Tukuyin ang diwa ng mga ito at alamin ang pinanggagalingan ng mga ito, at pagkatapos ay gamitin ang katotohanan upang lutasin ang mga ito;

(2) Kinakailangang ibahagi ang diwa ng isang problema nang naaayon sa mga salita ng Diyos, upang maunawaan ng iba ang katotohanan at malaman ang sarili nilang tiwaling diwa, na nagpapasimula sa tunay na pagsisisi;

(3) Kapag lumulutas ng problema, dapat na magawang malinaw ang diwa nito sa pamamagitan ng pagbabahagi. Bigyan ang iba ng tunay na pag-unawa sa katotohanan, ng pagkasuklam sa laman, at ng isang

pananaw sa pag-ibig ng Diyos;

(4) Kinakailangang maibuod ng tao ang kanyang sariling karanasan kapag inaakay ang iba tungo sa pag-unawa sa katotohanan at sa isang pagpasok sa realidad at upang pukawin ang determinasyon nilang hanapin ang katotohanan, na nagbibigay sa kanila ng landas kung saan makapagsasagawa.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang katotohanan na kailangang taglayin ng tao ay matatagpuan sa salita ng Diyos, at isang katotohanan ito na lubhang kapaki-pakinabang at nakakatulong sa sangkatauhan. Ito ang pampalakas at panustos na kailangan ng inyong katawan, isang bagay na tumutulong sa panunumbalik ng normal na pagkatao ng tao. Ito ay isang katotohanan na dapat taglayin ng tao. Habang lalo ninyong isinasagawa ang salita ng Diyos, lalong bumibilis ang pamumukadkad ng inyong buhay, at lalong lumilinaw ang katotohanan. Habang lumalago ang inyong tayog, makikita ninyo nang mas malinaw ang mga bagay ng espirituwal na mundo, at lalo kayong lalakas upang magtagumpay laban kay Satanas. Karamihan sa katotohanang hindi ninyo nauunawaan ay lilinaw kapag isinasagawa ninyo ang salita ng Diyos. Karamihan sa mga tao ay nasisiyahan na maunawaan lamang ang teksto ng salita ng Diyos at magtuon sa pagsasangkap sa kanilang sarili ng mga doktrina sa halip na palalimin ang kanilang karanasan sa pagsasagawa, ngunit hindi ba iyon ang paraan ng mga Fariseo? Kaya paano magiging totoo ang pariralang “Ang salita ng Diyos ay buhay” para sa kanila? Hindi makalalago ang buhay ng isang tao sa pagbabasa lamang ng salita ng Diyos, kundi kapag isinasagawa lamang niya ang salita ng Diyos. Kung ang paniniwala mo ay na ang pag-unawa lamang sa salita ng Diyos ang kailangan upang magkaroon ng buhay at tayog, baliko ang pang-unawa mo. Nangyayari ang tunay na pagkaunawa sa salita ng Diyos kapag isinasagawa mo ang katotohanan, at kailangan mong maunawaan na “sa pagsasagawa lamang ng katotohanan ito maaaring maunawaan.” Sa araw na ito, matapos basahin ang salita ng Diyos, masasabi mo lamang na alam mo ang salita ng Diyos, ngunit hindi mo masasabi na nauunawaan mo ito.

Sinasabi ng ilan na ang tanging paraan para maisagawa ang katotohanan ay ang unawain muna ito, ngunit medyo tama lamang ito, at walang dudang hindi ganap na tumpak. Bago ka magkaroon ng kaalaman tungkol sa isang katotohanan, hindi mo pa nararanasan ang katotohanang iyon. Ang pakiramdam na nauunawaan mo ang isang bagay na naririnig mo sa isang sermon ay hindi tunay na pagkaunawa—pagtataglay lamang ito ng literal na mga salita ng katotohanan, at hindi kagaya ng pagkaunawa sa tunay na kahulugan niyon. Hindi dahil mayroon kang malalim na kaalaman tungkol sa katotohanan ay talagang nauunawaan mo na iyon o may kaalaman ka na tungkol doon; ang tunay na kahulugan ng katotohanan ay nanggagaling mula sa pagdanas nito. Samakatuwid, kapag naranasan mo na ang katotohanan, saka mo lamang ito mauunawaan, at saka mo lamang mauunawaan ang mga natatagong bahagi nito. Ang pagpapalalim ng iyong karanasan ang tanging paraan upang maunawaan ang mga natatagong kahulugan at ang diwa ng katotohanan. Samakatuwid, makakapunta ka kahit saan na dala ang katotohanan, ngunit kung wala ang katotohanan sa iyo, huwag mong isiping kumbinsihin kahit ang iyong mga kapamilya, lalo na ang mga relihiyosong tao. Kung wala sa iyo ang katotohanan, para kang lilipad-lipad na niyebe, ngunit kapag nasa iyo ang katotohanan maaari kang maging masaya at malaya, at walang maaaring umatake sa iyo. Gaano man katibay ang isang teorya, hindi nito madaraig ang katotohanan. Kung mayroong katotohanan, ang mundo mismo ay maaaring yanigin at ang mga bundok at dagat ay maaaring ilipat, samantalang kung walang katotohanan ay maaaring durugin ng mga uod ang matitibay na pader ng lungsod. Ito ay isang malinaw na katotohanan.

Hinango mula sa “Sa Sandaling Maunawaan Ninyo ang Katotohanan, Dapat Ninyo Itong Isagawa” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Upang hayaan ang mga tao na magkaroon ng tunay na pagkaunawa sa katotohanan, dapat iugnay mo ito sa realidad at sa gawain, at lutasin ang mga praktikal na problema ayon sa katotohanan ng mga salita ng Diyos. Tanging sa paraang ito nauunawaan ng mga tao ang katotohanan at

nakakapasok sa realidad, at tanging ang pagkamit ng gayong resulta ang talagang pagdadala sa mga tao sa harap ng Diyos. Kung ang lagi mo lamang sinasabi ay tungkol sa mga teoryang espirituwal, mga doktrina, at mga tuntunin, kung nagsusumikap ka lamang sa mga literal na salita, ang makakamit mo lamang ay magawa ang mga tao na magsalita ng parehong bagay at sumunod sa mga tuntunin, nguni't hindi mo makakayang gabayan ang mga tao na unawain ang katotohanan. Lalong hindi mo makakayang tulungan na mas maunawaan ng mga tao ang kanilang mga sarili, at makamit ang pagsisisi at pagbabago.

Hinango mula sa "Kung Wala ang Katotohanan Madaling Magkasala sa Diyos" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Marahil may ilang tao na kayang makapagsabi ng pinakamatatayog na mga teorya—ngunit ang mga ito ay hindi naglalaman ng realidad, sapagkat ang mga taong ito ay hindi personal na nakaranas sa kanila, at dahil dito, wala silang landas para sa pagsasagawa. Ang mga ganitong tao ay walang kakayahang dalhin ang iba sa tamang daan, at ililigaw lamang sila. Hindi ba ito nakapipinsala sa mga tao? Kahit man lamang ikaw, dapat mong makayanang lutasin ang kasalukuyang suliranin ng mga tao at hayaan silang makapasok; ito lamang ang maituturing na dedikasyon, at saka ka lamang magiging angkop para manilbihan sa Diyos. Huwag palaging mangusap ng mararangya at mabulaklak na mga salita, at huwag gumamit ng isang pangkat ng mga hindi angkop na kasanayan upang pilitin ang iba na sundin ka. Ang pagsasagawa nito ay walang epekto at makadaragdag lamang sa kanilang pagkalito. Ang pagpapatuloy nito ay bubuo lamang ng maraming doktrina na magiging sanhi lamang upang kasuklaman ka ng mga tao. Ganito ang pagkukulang ng tao, at ito ay tunay na kahiya-hiya. Dahil dito, mas pag-usapan ang mga suliranin na tunay na umiiral. Huwag ituring ang mga karanasan ng mga tao bilang iyong personal na pag-aari at ipakita ang mga ito upang hangaan ng iba. Dapat mong hanapin ang iyong sariling daan palabas. Ito ang dapat isagawa ng bawat tao.

Kung ang iyong pagbabahagi ay makapagbibigay sa mga tao ng isang

landas na susundan, ito ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng realidad. Anuman ang iyong sasabihin, dapat mong madala ang mga tao sa pagsasagawa at mabigyan silang lahat ng isang landas na susundan. Huwag mo silang pahintulutang magkaroon lamang ng kaalaman. Ang mas mahalaga ay ang pagkakaroon ng landas na maaaring tahakin. Upang ang mga tao ay maniwala sa Diyos, dapat nilang tahakin ang landas na pinangungunahan ng Diyos sa Kanyang gawain. At ang proseso ng paniniwala sa Diyos ay ang proseso ng pagtahak sa landas na pinangungunahan ng Banal na Espiritu. Alinsunod dito, dapat kang magkaroon ng isang landas na tatahakin mo anuman ang mangyari, at dapat kang tumapak sa landas kung saan ka gagawing perpekto ng Diyos. Huwag kang masyadong magpahuli, at huwag mong alalahanin ang napakaraming bagay. Matatanggap mo lamang ang gawain ng Banal na Espiritu at makakamit ang daan papasok kung tatahakin mo ang landas na pinangungunahan ng Diyos nang walang pagkaantala. Ito lamang ang maituturing na naaayon sa mga layunin ng Diyos at sa pagsasakatuparan sa tungkulin ng sangkatauhan.

Hinango mula sa “Magtuon ng Higit na Pansin sa Realidad” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung may natuklasan kang suliranin habang ginagampanan mo ang iyong tungkulin, dapat mo itong lutasin; ang mga hindi nalutas na suliranin ay mananatili magpakailanman at mas lumalala habang tumatagal. Ano ang ibig Kong sabihin sa mas lumalala? Ang ibig Kong sabihin, kung hindi mo lulutasin ang iyong suliranin, maaapektuhan nito ang iyong kalagayan, at maaapektuhan din nito ang ibang mga tao. Habang lumilipas ang panahon, pahihintuin ka ng iyong problema sa mahusay na paggawa ng iyong tungkulin, pag-unawa sa katotohanan, at paglapit sa Diyos. Hindi nga ba mga usapin ang lahat ng ito? Ito ay mabigat na suliranin, hindi lamang ito maliit. Ang mga hinaing ng isang tao, hinanakit, mga maling paniniwala tungkol sa Diyos, mga maling pagkaunawa tungkol sa sambahayan ng Diyos, mga maling palagay tungkol sa iba, at pagkalayo mula sa mga tao—

sa paglipas ng panahon, ano ang kanilang kahihinatnan habang ang mga bagay na ito ay naiipon nang naiipon sa kalooban? Inaakay ka ba nila patungo sa landas ng pagpasok sa katotohanang realidad, o inaakay ka ba nila patungo sa landas ng masasamang tao? Sa landas na iyon, bubuti ka ba nang bubuti o palala ka nang palala? (Palala nang palala.) Gaano pa kalala? Kapag naipon ang mga bagay na ito sa kalooban ng mga tao sa paglipas ng mahabang panahon, ang kanilang pananampalataya ay unti-unting naglalaho; kapag ang tinatawag na pananampalataya nila ay naglaho, gayundin ang kanilang kasiglahan. Sa oras na ang kanilang kasiglahan ay nawala na, hindi ba't pabawas din nang pabawas ang kanilang lakas at paghahangad na tuparin ang kanilang mga tungkulin? Hindi na nila nararamdaman ang kagalakan sa pananampalataya sa Diyos, ni nararamdaman ang Kanyang mga pagpapala habang ginagampanan ang kanilang mga tungkulin; dahil doon, hindi nila kayang maging malakas sa panloob, at sila ay napupuno at pinamamahalaan ng mga hinaing, pagkanegatibo, mga kuro-kuro at mga maling paniniwala. Kapag namumuhay sila sa mga bagay na ito, at nababalot at pinamamahalaan ng mga iyon, ang tangi nilang magagawa kapag ginagampanan ang kanilang mga tungkulin ay ang pilitin ang kanilang mga sarili, nagtitiis at basta na lang gumagawa nang walang kasiglahan; sa lahat ng kanilang ginagawa, dapat silang umasa sa pagtitiyaga at pagpipigil sa sarili. Hindi nila nakikita ang patnubay ng Diyos o ang Kaniyang mga pagpapala. Kaya, ano ang susunod? Gaano man nila isinasagawa ang kanilang mga tungkulin, hindi nila matagpuan ang mga prinsipyo. Habang nagpapatuloy sila, lalo silang naguguluhan at nalilito sa daang pasulong, at nawawala ang lahat ng kanilang kasiglahan sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin.

Hinango mula sa "Ang Pagkakaroon ng Wangis ng Tao ay Nangangailangan ng Maayos na Pagtupad ng Iyong Tungkulin Gamit ang Iyong Buong Puso, Isip, at Kaluluwa" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kapag nagkakaroon ka ng problema, kailangan mong kumalma at harapin ito nang tama, at kailangan mong magpasiya. Dapat mong

matutuhang gamitin ang katotohanan para lutasin ang problema. Sa normal na mga panahon, ano ang silbi ng pag-unawa sa ilang katotohanan? Hindi iyon para busugin ka, at hindi lamang para mayroon kang masabi, ni hindi para lutasin ang mga problema ng iba. Ang mas mahalaga, ang silbi niyon ay para lutasin ang sarili mong mga problema, sarili mong mga paghihirap—pagkatapos mong lutasin ang sarili mong mga paghihirap, saka mo lamang malulutas ang mga paghihirap ng iba. Bakit sinasabing si Pedro ay isang bunga? Sapagka't may mahahalagang bagay na nasa kanya, mga bagay na sulit gawing perpekto; desidido siyang hanapin ang katotohanan at matatag ang kalooban; siya ay may katinuan, nakahandang dumanas ng paghihirap, at minahal ang katotohanan sa kanyang puso, at hindi niya binitawan ang mga pangyayari. Magagandang katangian ang lahat ng ito. Kung wala ka ng magagandang katangian na ito, isa itong malaking problema. Ikaw ay walang kakayahang makaranas at walang karanasan, at hindi mo kayang lutasin ang mga paghihirap ng iba. Ito ay dahil hindi mo alam kung papaano pumasok. Ikaw ay nalilito tuwing mayroong nangyayari sa iyo; ikaw ay nababalisa, umiiyak, nagiging negatibo, tumatakas, at, anuman ang gawin mo, wala kang kakayahang mapangasiwahan sila nang tama.

Hinango mula sa "Ang Mga Taong Lito ay Hindi Naliligtas" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kapag sinasangkapan mo ang iyong sarili para sa buhay, kailangan mong magtuon sa pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, kailangan mong makayang magsalita tungkol sa pagkakilala sa Diyos, sa iyong mga pananaw tungkol sa buhay ng tao, at, lalo na, sa iyong kaalaman tungkol sa gawaing ginagawa ng Diyos sa mga huling araw. Yamang hinahabol mo ang buhay, kailangan mong sangkapan ang iyong sarili ng mga bagay na ito. Kapag kumakain at umiinom ka ng mga salita ng Diyos, kailangan mong sukatin ang realidad ng sarili mong kalagayan kumpara sa mga ito. Ibig sabihin, kapag natuklasan mo ang iyong mga pagkukulang habang dumaranas ng totoo mong realidad, kailangang makaya mong makakita ng

isang landas ng pagsasagawa, na talikuran ang iyong mga maling motibo at pagkaunawa. Kung lagi kang nagsisikap para sa mga bagay na ito at buong pusong nagsisikap tungo sa pagkakamit ng mga ito, magkakaroon ka ng landas na susundan, hindi ka makararamdam ng kahungkagan, at sa gayo'y magagawa mong manatili sa isang normal na kalagayan. Saka ka lamang magiging isang tao na nagdadala ng pasanin sa sarili mong buhay, na may pananampalataya. Bakit kaya hindi magawa ng ilang tao, matapos basahin ang mga salita ng Diyos, na isagawa ang mga ito? Hindi ba dahil hindi nila natatarok ang pinakamahahalagang bagay? Hindi ba dahil hindi sila seryoso sa buhay? Kaya hindi nila natatarok ang mahahalagang bagay at wala silang landas sa pagsasagawa ay dahil kapag binabasa nila ang mga salita ng Diyos, hindi nila maiugnay ang sarili nilang mga kalagayan sa mga ito, ni nasusupil ang sarili nilang mga kalagayan. Sinasabi ng ilang tao: "Binabasa ko ang mga salita ng Diyos at iniuugnay ang aking kalagayan sa mga ito, at alam ko na ako ay tiwali at kulang sa kakayahan, nguni't hindi ko kayang bigyang-kasiyahan ang kalooban ng Diyos." Panlabas pa lang ang nakita mo; maraming totoong bagay na hindi mo alam: paano isantabi ang mga kasiyahan ng laman, paano isantabi ang pagmamagaling, paano baguhin ang iyong sarili, paano pumasok sa mga bagay na ito, paano dagdagan ang iyong kakayahan, at saang aspeto magsisimula. Natatarok mo lang ang ilang bagay sa panlabas, at ang alam mo lang ay na talagang napakatiwali mo. Kapag nakikipagkita ka sa iyong mga kapatid, nagsasalita ka tungkol sa kung gaano ka katiwali, at mukhang kilala mo ang sarili mo at mabigat ang pasaning dinadala mo sa buhay. Sa katunayan, hindi nagbago ang iyong tiwaling disposisyon, na nagpapatunay na hindi mo pa natatagpuan ang landas sa pagsasagawa. Kung namumuno ka sa isang iglesia, kailangan mong makayang unawain ang mga kalagayan ng mga kapatid at tukuyin ang mga ito. Maaari bang sabihin mo lang na: "Suwail at paurong kayong mga tao!"? Hindi, kailangan mong tukuyin kung paano namamalas ang kanilang pagsuway at pagiging paurong. Kailangan mong magsalita tungkol sa kanilang mga suwail na kalagayan, sa kanilang suwail na mga pag-uugali, at sa kanilang

makasatanas na mga disposisyon, at kailangan mong magsalita tungkol sa mga bagay na ito sa isang paraan na lubos silang nakukumbinsi ng katotohanan sa iyong mga salita. Gumamit ng mga katunayan at halimbawa para ipaliwanag ang pinupunto mo, at sabihin nang tumpak kung paano sila makakahulagpos sa mapanghimagsik na pag-uugali, at tukuyin ang landas sa pagsasagawa—ganito ang pagkumbinsi sa mga tao. Yaon lamang mga gumagawa nito ang may kakayahang mamuno sa iba; sila lamang ang may taglay na katotohanang realidad.

Hinango mula sa “Pagsasagawa (7)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kalakip ba ng sariling mga kalagayan ang inyong pagkaunawa sa katotohanan? Sa totoong buhay, dapat mo munang isipin kung aling mga katotohanan ang nauugnay sa mga tao, mga kaganapan, at mga bagay na iyong nakaharap na; matatagpuan mo sa mga katotohanang ito ang kalooban ng Diyos at maiuugnay kung ano ang iyong nakaharap na sa Kanyang kalooban. Kung hindi mo nalalaman kung aling mga aspeto ng katotohanan ang nauugnay sa mga bagay na iyong nakaharap na subali’t sa halip ay dumiretso sa paghahanap sa kalooban ng Diyos, isang bulag na pamamaraan ito na hindi makapagkakamit ng mga resulta. Kung nais mong hanapin ang katotohanan at maunawaan ang kalooban ng Diyos, kailangan mo munang tingnan kung anong uri ng mga bagay ang nangyari na sa iyo, sa aling mga aspeto ng katotohanan nauugnay ang mga ito, at hanapin ang partikular na katotohanan sa salita ng Diyos na nauugnay sa kung anong naranasan mo na. At pagkatapos ay hanapin mo ang landas ng pagsasagawa na naaayon para sa iyo sa katotohanang iyon; sa ganitong paraan ay makakamit mo ang isang di-tuwirang pagkaunawa sa kalooban ng Diyos. Ang paghahanap at pagsasagawa sa katotohanan ay hindi pagsasabuhay ng isang doktrina nang wala sa loob o pagsunod sa isang pormula. Ang katotohanan ay hindi gaya ng isang pormula, hindi rin ito isang batas. Hindi ito patay—ito ay buhay mismo, ito ay isang buhay na bagay, at ito ang patakaran na dapat sundin ng isang nilikha habang nabubuhay at ang patakaran na dapat taglayin ng isang tao habang

nabubuhay. Isang bagay ito na dapat mong, hangga't maari, ay maunawaan sa pamamagitan ng karanasan. Ano mang yugto ang narating mo na sa iyong karanasan, hindi ka maihihiwalay sa salita ng Diyos o sa katotohanan, at kung ano ang iyong pagkaunawa sa disposisyon ng Diyos at kung ano ang iyong nalalaman sa kung anong mayroon at kung ano ang Diyos ay ipinahahayag lahat sa mga salita ng Diyos; nauugnay ang mga ito nang hindi maihihiwalay sa katotohanan. Ang disposisyon ng Diyos at kung anong mayroon at kung ano Siya ay, mismong, ang katotohanan; ang katotohanan ay isang tunay na pagpapakita ng disposisyon ng Diyos at ng kung anong mayroon at kung ano Siya. Ginagawa nitong kongkreto ang kung anong mayroon at kung ano Siya, at malinaw nitong ipinahahayag ang kung anong mayroon at kung ano Siya; sinasabi nito sa iyo nang mas tuwiran kung ano ang gusto ng Diyos, kung ano ang hindi Niya gusto, kung ano ang nais Niyang gawin mo at kung ano ang hindi Niya pinahihintulutang gawin mo, kung anong mga tao ang kinamumuhian Niya at kung anong mga tao ang kinagigiliwan Niya. Sa likod ng mga katotohanang ipinahahayag ng Diyos, makikita ng tao ang Kanyang kaluguran, galit, kalungkutan, at kasiyahan, gayundin ang Kanyang diwa—ito ang paghahayag ng Kanyang disposisyon. Maliban sa pagkaalam sa kung anong mayroon at kung ano ang Diyos, at pagkaunawa sa Kanyang disposisyon mula sa Kanyang salita, ang pinakamahalaga ay ang pangangailangan na marating ang pagkaunawang ito sa pamamagitan ng praktikal na karanasan. Kung inaalis ng isang tao ang kanyang sarili mula sa tunay na buhay upang makilala ang Diyos, hindi nila magagawang makamtan iyon. Kahit na may mga tao na makapagkakamit ng kaunting pagkaunawa mula sa salita ng Diyos, limitado ang kanilang pagkaunawa sa mga teorya at mga salita, at doon nagbubuhat ang pagkakaiba-iba sa kung ano talaga ang Diyos Mismo.

Hinango mula sa "Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo III" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kapag hindi pa nakakamit ng mga tao ang katotohanan, palagi silang

natataranta kapag may nangyayari sa kanila. Hindi nila alam kung paano gamitin ang katotohanan o kung paano haharapin ang kanilang kalagayan sa paraang naaayon sa mga hangarin ng Diyos. Mabuti man o masama ang iyong kapaligiran, at isa man itong tukso o pagsubok para sa iyo, nananatili kang lubusang nawawala; nakakatugon ka lang sa paraang negatibo, at walang kakayahang lutasin ang bagay nang may positibong pagtingin at sa pamamagitan ng paggamit ng katotohanan. Iyon ay, anumang kapaligiran ang iyong kalagyan, kulang ka sa kakayahang harapin ito. Hindi mo kayang aktibong gamitin ang katotohanan upang malutas ang problema; kahit na ang kailangan mo lang gawin upang malutas ito at upang masiyahan ang kalooban ng Diyos sa bagay na ito ay hanapin agad ang katotohanan, nabigo ka pa ring makamit ito. Kaya anong bahagi ng buhay mo at ng iyong mga ginagawa ang kaugnay sa Diyos? Gaano kalaki ng mga pag-uugali at buhay ng mga naniniwala sa Diyos ang dapat kaugnay sa Kanya? Kung 1% lamang dito ang kaugnay sa Diyos, sa hitsura at sa mga tuntunin ng iyong taos-pusong pansariling nais, habang ang natitirang 99% ay walang kaugnayan sa katotohanan, kung gayon, tulad ng sinabi ng Diyos, “Marami kayong nagawang walang kinalaman sa katotohanan.” Hindi ba sadya itong nakakatakot at mapanganib? Samakatuwid, ano ang mga problemang kinakaharap ng mga tao? Kung sila ay hiwalay mula sa mga kapaligirang itinakda ng Diyos, kung wala silang anuman sa Kanyang sinadyang biyaya, o kung hindi lumikha ang Diyos ng isang angkop na kapaligiran para hanapin nila ang katotohanan at gampanan ang kanilang mga tungkulin, mananagot sila sa pag-iwan sa Diyos sa anumang oras o lugar.

Hinango mula sa “Anim na Pahiwatig ng Pag-unlad sa Buhay” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung nais mong isagawa ang katotohanan, at kung nais mo na maunawaan ito, dapat mo munang maunawaan ang diwa ng mga hinaharap mong hirap at ang mga bagay na nagaganap sa iyong paligid, kung ano ang mga suliranin sa mga usaping ito, gayundin kung anong

aspekto ng katotohanan ang nauugnay sa mga ito. Dapat mong hanapin ang mga bagay na ito, at, pagkaraan, dapat mong hanapin ang katotohanan batay sa mga aktwal mong hirap. Sa ganyang paraan, habang unti-unti kang nagkakamit ng karanasan, magagawa mong makita ang kamay ng Diyos sa lahat ng bagay na nangyayari sa iyo, gayundin sa kung ano ang nais Niyang gawin at ang mga resulta na nais Niyang makamit sa iyo. Marahil ay hindi mo kailanman nararamdaman na ang anumang nangyayari sa iyo ay nakakabit sa paniniwala sa Diyos at sa katotohanan, at sinasabi na lamang sa sarili mo, “May sarili akong paraan ng pakikitungo rito; hindi ko kailangan ang katotohanan o ang mga salita ng Diyos. Kapag dumadalo ako sa mga pagtitipon, o kapag binabasa ko ang mga salita ng Diyos, o kapag ginagampanan ko ang aking tungkulin, sisiyasatin ko ang aking sarili laban sa katotohanan at laban sa mga salita ng Diyos.” Kung ang mga pang-araw-araw na bagay na nagaganap sa buhay mo—mga bagay na may kinalaman sa pamilya, gawain, pag-aasawa, at kinabukasan mo—kung nararamdaman mong ang iba’t ibang mga bagay na ito ay walang kinalaman sa katotohanan, at nilulutas mo ang mga ito gamit ang mga pantaong kaparaanan, kung ito ang paraan mo ng karanasan, kung gayon ay hindi mo matatamo ang katotohanan; hindi mo mauunawaan kung ano lamang ang ninanais ng Diyos na gawin sa iyo o ang mga resulta na nais Niyang matamo.

Hinango mula sa “Ang Kahalagahan ng Paghahabol sa Katotohanan at ang Landas ng Paghahabol Dito” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Nagpapakita ang mga tao ng mga tiwaling disposisyon. Isa itong katotohanan. Walang sinuman ang makaiiwas o makatatakas dito; kailangan nilang harapin ang katotohanang ito. Bakit ganito? Sinasabi ng iba: “Palagi kong naipapakita ang aking tiwaling disposisyon. Hindi ko ito mababago kailanman. Ano pa ang magagawa? Sadya lamang bang ganito ako? Ayaw ba sa akin ng Diyos, o namumuhi ba Siya sa akin?” Tama ba ang ganitong saloobin? Tama ba ang ganitong pag-iisip? Na ang mga tao ay may tiwaling disposisyon, at na madalas nilang naipapakita ang

kanilang tiwaling disposisyon, hindi ibig sabihin na katapusan na nila, wala nang lunas. Na ang mga tao ay malimit na nagpapakita ng tiwaling disposisyon ay nagpapatunay na ang kanilang buhay ay pinamamahalaan ng tiwaling disposisyon ni Satanas, at na ang kanilang diwa ay ang diwa ni Satanas. Dapat na kilalanin at tanggapin ng mga tao ang katotohanang ito. Mayroong pagkakaiba sa pagitan ng kalikasang diwa ng tao at ng diwa ng Diyos. Ano ang dapat nilang gawin matapos kilalanin ang katotohanang ito? Kapag naipamamalas ng mga tao ang isang tiwaling disposisyon; kapag nagpapakasasa sila sa mga pagnanasa ng laman at napapalayo sa Diyos; o kapag gumagawa ang Diyos sa paraang hindi tugma sa sarili nilang mga ideya, at umuusbong ang mga reklamo sa kalooban nila, dapat nilang ipamalay kaagad sa kanilang mga sarili na isa itong problema, at isang tiwaling disposisyon; ito ay paghihimagsik laban sa Diyos, pagsalungat sa Diyos; hindi ito umaayon sa katotohanan, at kasumpa-sumpa sa Diyos. Kapag napagtatanto ng mga tao ang mga bagay na ito, hindi sila dapat magreklamo, o maging negatibo at batugan, at lalong hindi sila dapat mabalisa; sa halip, dapat ay makaya nila ang mas malalim na pagninilay sa sarili at kaalaman sa sarili. Bilang karagdagan, dapat ay maging maagap silang makaharap sa Diyos, at kailangan hindi pasibo. Dapat ay magkusa silang humarap sa Diyos upang hangarin at tanggapin ang pagsaway at pagdidisiplina ng Diyos, at dapat baligtarin kaagad ang kanilang kalagayan, sa gayon ay nakapagsasagawa sila ayon sa katotohanan at sa mga salita ng Diyos, at makakikilos ayon sa mga prinsipyo. Sa ganitong paraan, magiging mas normal ang ugnayan mo sa Diyos, at gayundin ang kalagayan sa kalooban mo. Mas malinaw mong matutukoy ang mga tiwaling disposisyon, ang diwa ng katiwalian, at ang iba’t ibang pangit na kalagayan ni Satanas. Hindi mo na bibigkasin ang gayong mga kahangalan at isip-batang salita tulad ng “si Satanas iyon na nanghihimasok sa akin,” o “isa iyong ideya na ibinigay sa akin ni Satanas.” Sa halip, magkakaroon ka ng tumpak na kaalaman sa mga tiwaling disposisyon, sa diwa ng pagsalungat ng mga tao sa Diyos, at sa diwa ni Satanas. Magkakaroon ka ng mas tumpak na paraan ng pagtrato sa mga

bagay na ito, at hindi ka pipigilan ng mga bagay na ito. Kapag naipakita mo ang kaunti sa iyong tiwaling disposisyon, o lumabag, o nagawa ang iyong tungkulin nang walang sigasig, o kung malimit mong matagpuan ang iyong sarili sa isang pasibo at negatibong kalagayan, hindi ka magiging mahina o mawawalan ng pananampalataya sa Diyos at sa Kaniyang pagliligtas. Hindi ka mamumuhay sa gitna ng gayong mga sitwasyon, subalit haharapin mo nang tama ang iyong sariling tiwaling disposisyon. Magkakaroon ka ng kakayahan para sa normal na espirituwal na buhay, at, kapag nabunyag ang iyong tiwaling disposisyon, magagawa mo agad na saliwain ang patutunguhan nito, mabuhay kaagad sa harap ng Diyos, at hangarin ang Kaniyang pagdidisiplina at pagsaway. Hindi ka pamamahalaan ng iyong tiwaling disposisyon, ni ng diwa ni Satanas, ng iyong iba't ibang negatibo at pasibong kalagayan, ngunit lalago ang pananampalataya sa paghahangad sa katotohanan, sa kaligtasan, at sa pagtanggap sa paghatol, pagkastigo, pagdidisiplina, at pagsaway ng Diyos. Sa ganitong paraan, hindi ba malayang mamumuhay ang mga tao? Ito ang landas ng pagsasagawa at pagkamit ng katotohanan, at kaya naman, ito rin ang landas ng kaligtasan. Nag-ugat na sa kailaliman ng kalooban ng mga tao ang mga tiwaling disposisyon; pinamamahalaan ng diwa at kalikasan ni Satanas ang kanilang mga saloobin, pag-uugali, at pag-iisip; gayunman, sa presensiya ng katotohanan, ng gawain ng Diyos, at Kanyang pagliligtas, walang pagkabahala rito, at hindi ito nagbibigay ng mga paghihirap. Sa kabila ng mga tiwaling disposisyon ng mga tao, o ng mga problema na mayroon sila, o mga pumipigil sa kanila, mayroong landas na maaari nilang tahakin. May paraan ng paglutas ng mga bagay na ito, at mayroong mga kaukulang katotohanan na ipanlulutas sa mga ito. Wala bang pag-asa kung gayon para sa kanilang kaligtasan?

Hinango mula sa "Paano Lulutasin ang Suliranin ng Pagiging Pabaya at Kawalang ng Sigla Habang Gumaganap sa Iyong Tungkulin" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

95. Ang Mga Prinsipyo sa Pagdadala sa Mga Tao sa Harap ng Diyos

(1) Kinakailangang, sa lahat ng bagay, magpasakop sa Diyos at purihin Siya bilang dakila. Maging isang taong natatakot sa Diyos at umiiwas sa masama, at ganapin mo ang iyong tungkulin at paglingkuran Siya tulad ng hinihingi Niya;

(2) Kinakailangang matutuhang magpatotoo para sa gawain ng Diyos, ipinapakita sa iba kung paano ginagawang tiwali ni Satanas ang mga tao at kung paano sila inililigtas ng Diyos, upang tunay silang makabalik sa Diyos;

(3) Kinakailangang isagawa ang paggamit sa katotohanan upang lutasin ang mga problema, na naghahatid sa isang tao sa isang pagkaunawa sa katotohanan at sa tunay na pagsisisi, nang ang lahat ay makapagpasakop sa harap ng Diyos at makasamba sa Kanya;

(4) Kinakailangang pangunahan ang mga taong kumain at uminom ng mga salita ng Diyos at danasin ang paghatol at pagkastigo ng Diyos, upang malaman nila ang kabanalan at pagkamakatuwiran ng Diyos at purihin nila Siya hanggang sa walang hanggan.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang mga tao ay nilikha ng Diyos, at dapat sumamba sa Diyos, ngunit totoong tinalikuran nila Siya at sa halip ay sumamba kay Satanas. Naging diyos-diyosan si Satanas sa kanilang mga puso. Sa gayon, nawalan ang Diyos ng katayuan sa kanilang mga puso, na ang ibig sabihin ay nawalan Siya ng kahulugan sa likod ng paglikha Niya sa sangkatauhan. Samakatuwid, upang mapanumbalik ang kahulugan sa likod ng paglikha Niya sa sangkatauhan, dapat Niyang maipanumbalik ang una nilang wangis at tanggalan ang sangkatauhan ng kanilang tiwaling disposisyon. Upang mabawi ang mga tao mula kay Satanas, dapat Niyang iligtas sila mula sa kasalanan. Tanging sa ganitong paraan Niya unti-unting maipanunumbalik ang una nilang wangis at tungkulin, at sa wakas, ay mapanunumbalik ang kaharian Niya. Ang pangwakas na pagwasak ng yaong mga anak ng pagsuway ay isasakatuparan din upang tulutan ang mga tao na higit na mahusay na sambahin ang Diyos at mamuhay sa lupa nang higit na maayos. Sapagkat nilikha ng Diyos ang mga tao, gagawin Niyang sambahin Siya nila; sapagkat ninanais Niyang maipanumbalik ang

unang tungkulin ng sangkatauhan, ganap Niya itong ipapanumbalik, at nang walang pagbabawas ng bisa. Ang pagpapanumbalik ng awtoridad Niya ay nangangahulugan ng pagpapasamba at pagpapasakop sa Kanya ng mga tao; nangangahulugan ito na gagawin ng Diyos na mabuhay ang mga tao nang dahil sa Kanya at magdulot na mapahamak ang mga kaaway Niya bilang bunga ng Kanyang awtoridad. Nangangahulugan ito na sasanhiin ng Diyos na maipamalagi sa mga tao ang lahat-lahat ng tungkol sa Kanya nang walang pagtutol mula kahit kanino. Ang kahariang ninanais itatag ng Diyos ay ang sarili Niyang kaharian. Ang sangkatauhang ninanais Niya ay yaong sasamba sa Kanya, yaong ganap na magpapasakop sa Kanya at magpapakita ng luwalhati Niya. Kung hindi ililigtas ng Diyos ang tiwaling sangkatauhan, mawawala ang kahulugan sa likod ng paglikha Niya sa sangkatauhan; mawawalan na Siya ng awtoridad sa mga tao, at hindi na magagawang umiral sa lupa ng kaharian Niya. Kung hindi wawasakin ng Diyos yaong mga kaaway na masuwayin sa Kanya, hindi Niya magagawang matamo ang ganap Niyang luwalhati, o hindi rin Niya magagawang itatag ang kaharian Niya sa lupa. Ang mga ito ang magiging mga pananda ng pagtatapos ng gawain Niya at ng mga dakilang katuparan Niya: upang lubos na wasakin yaong mga kabilang sa sangkatauhan na masuwayin sa Kanya, at upang dalhin sa pamamahinga yaong mga nagawa nang ganap.

Hinango mula sa “Papasok sa Pahinga ang Diyos at ang Tao Nang Magkasama” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ano ang dapat mong hangarin ngayon? Kaya mo mang magpatotoo para sa gawain ng Diyos o hindi, nagagawa mo mang maging isang patotoo at isang pagpapakita ng Diyos o hindi, at angkop ka mang kasangkapanin Niya o hindi—ito ang mga bagay na dapat mong hangarin. Gaano karaming gawain ba ang talagang nagawa sa iyo ng Diyos? Gaano karami ba ang iyong nakita, gaano karami ang iyong nahawakan? Gaano karami ang iyong naranasan, at natikman? Nasubok ka man, napakitunguhan, o nadisiplina ng Diyos, naisagawa sa iyo ang Kanyang

mga kilos at gawain. Ngunit bilang isang mananampalataya sa Diyos at bilang isang taong handang hangarin na magawa Niyang perpekto, nagagawa mo bang magpatotoo para sa gawain ng Diyos batay sa iyong praktikal na karanasan? Maisasabuhay mo ba ang salita ng Diyos sa pamamagitan ng iyong praktikal na karanasan? Nagagawa mo bang maglaan para sa iba sa pamamagitan ng iyong sariling praktikal na karanasan, at gugulin ang iyong buong buhay sa pagpapatotoo sa gawain ng Diyos? Para makapagpatotoo sa gawain ng Diyos, kailangan mong umasa sa iyong karanasan, kaalaman, at sakripisyong nagawa. Saka mo lamang mapapalugod ang Kanyang kalooban. Ikaw ba ay isang taong nagpapatotoo sa gawain ng Diyos? Mayroon ka bang ganitong hangarin? Kung nagagawa mong magpatotoo sa Kanyang pangalan, at higit pa, sa Kanyang gawain, at kung naisasabuhay mo ang larawang kinakailangan Niya sa Kanyang mga tao, isa kang saksi para sa Diyos. Paano ka ba talaga nagpapatotoo sa Diyos? Ginagawa mo ito sa pamamagitan ng paghahangad at pananabik na isabuhay ang salita ng Diyos, at, sa pagpapatotoo sa pamamagitan ng iyong mga salita, pagtutulot sa mga tao na malaman ang Kanyang gawain at makita ang Kanyang mga kilos. Kung tunay mong hinahangad ang lahat ng ito, gagawin kang perpekto ng Diyos. Kung ang tanging hangad mo ay magawang perpekto ng Diyos at mapagpala sa pinakahuli, hindi dalisay ang pananaw ng iyong pananampalataya sa Diyos. Dapat mong hangarin kung paano makita ang mga gawa ng Diyos sa tunay na buhay, kung paano Siya mapapalugod kapag ibinubunyag Niya sa iyo ang Kanyang kalooban, at hangarin kung paano ka dapat magpatotoo tungkol sa Kanyang pagiging kamangha-mangha at karunungan, at kung paano magpatotoo kung paano ka Niya dinidisiplina at pinakikitunguhan. Lahat ng ito ay mga bagay na dapat mong pinagninilayan ngayon. Kung ang pagmamahal mo sa Diyos ay para lamang makabahagi ka sa kaluwalhatian ng Diyos matapos ka Niyang gawing perpekto, hindi pa rin ito sapat at hindi makakatugon sa mga kinakailangan ng Diyos. Kailangan mong magawang magpatotoo tungkol sa gawain ng Diyos, mabigyang-kasiyahan ang Kanyang mga hinihiling, at

maranasan ang gawaing Kanyang nagawa sa mga tao sa praktikal na paraan. Pasakit man, mga luha, o kalungkutan, kailangan mong maranasan ang lahat ng ito sa iyong pagsasagawa. Layon nitong gawin kang perpekto bilang isang taong nagpapatotoo para sa Diyos. Ano nga ba, talaga, ang pumipilit sa iyo ngayon na magdusa at maghangad na magawang perpekto? Ang kasalukuyan mo bang pagdurusa ay alang-alang talaga sa pagmamahal sa Diyos at pagpapatotoo para sa Kanya? O alang-alang sa mga pagpapala ng laman, para sa iyong mga inaasam sa hinaharap at kapalaran? Lahat ng layunin, pangganyak, at mithiing hinahangad mong matamo ay kailangang maituwid at hindi maaaring gabayan ng iyong sariling kalooban. Kung hinahangad ng isang tao na magawang perpekto upang tumanggap ng mga pagpapala at maghari nang may kapangyarihan, samantalang hinahangad ng isa pang tao na magawang perpekto upang mapalugod ang Diyos, upang magbigay ng praktikal na patotoo sa gawain ng Diyos, alin sa dalawang paraang ito ng paghahangad ang pipiliin mo? Kung pipiliin mo ang una, napakalayo mo pa rin sa mga pamantayan ng Diyos. Sinabi Kong minsan na mahahayag sa buong sansinukob ang Aking mga kilos at na Ako ay mamamahala bilang Hari sa sansinukob. Sa kabilang dako, ang naipagkatiwala sa inyo ay ang lumabas upang magpatotoo sa gawain ng Diyos, hindi upang maging mga hari at magpakita sa buong sansinukob. Hayaang punuin ng mga gawa ng Diyos ang buong kosmos at kalangitan. Hayaang makita at kilalanin ng lahat ang mga ito. Binabanggit ang mga salitang ito patungkol sa Diyos Mismo, at ang dapat gawin ng mga tao ay ang magpatotoo para sa Diyos.

Hinango mula sa “Yaong mga Gagawing Perpekto ay Kailangang Sumailalim sa Pagpipino” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Bilang mga lider at manggagawa sa iglesia, kung gusto mong akayin ang mga piniling tao ng Diyos sa realidad ng katotohanan at maglingkod bilang mga saksi ng Diyos, pinakamahalaga, dapat na mas malalim ang pang-unawa mo sa pakay ng Diyos sa pagliligtas ng mga tao at sa layunin ng Kanyang gawain. Dapat mong unawain ang kalooban ng Diyos at ang

Kanyang iba’t ibang hinihingi sa mga tao. Dapat kang maging praktikal sa mga pagsusumikap mo; isagawa lamang yaong naiintindihan mo at ipahayag lamang yaong nalalaman mo. Huwag magyabang, huwag magsalita nang labis, at huwag gumawa ng mga iresponsableng pahayag. Kung magsasalita ka nang labis, kamumuhian ka ng mga tao at makakaramdam ka ng paninisi pagkatapos; sadyang hindi ito kaangkop-angkop. Kapag ipinagkaloob mo ang katotohanan sa iba, hindi mo kailangang pagsabihan o kagalitan sila para matamo nila ang katotohanan. Kung ikaw mismo ay walang taglay na katotohanan at pinagsasabihan lang at pinanagalitan ang iba matatakot sila sa iyo, ngunit hindi ibig sabihin niyan ay nauunawaan nila ang katotohanan. Sa ilang gawaing administratibo, tama lang na pagsabihan at pungusan at disiplinahin ang iba kahit papaano. Ngunit kung hindi mo maipagkakaloob ang katotohanan at ang alam mo lamang ay magdomina at manermon sa iba, ang iyong katiwalian at kapangitan ay ibubunyag. Sa paglipas ng panahon, habang hindi natatamo ng mga tao ang panustos ng buhay o mga praktikal na bagay mula sa iyo, kamumuhian ka nila at kayayamutan. Yaong mga walang pagkaunawa ay matututo ng mga negatibong bagay mula sa iyo; matututuhan nilang pagsabihan at pungusan ang iba, magalit, at hindi makapagtimpi. Hindi ba’t katumbas iyan ng pag-akay sa iba tungo sa landas ni Pablo, sa landas patungo sa kapahamakan? Hindi ba’t masamang gawain iyan? Ang gawain mo ay dapat nakatuon sa pagpapahatid ng katotohanan at sa pagtustos ng buhay sa iba. Kung ang gagawin mo lamang ay pikit-matang pagsabihan at sermunan ang iba nang hindi mo pinag-iisipan, paano pa nila mauunawaan ang katotohanan. Sa paglipas ng panahon, makikita ng mga tao kung sino kang talaga at tatalikuran ka nila. Paano ka makakaasang madala ang iba sa harapan ng Diyos sa ganitong paraan? Paano ito nagiging paggawa ng gawain? Maiwawala mo ang lahat kung patuloy kang gagawa sa ganitong paraan. Ano ba talagang gawain ang inaasam mong maisakatuparan sa ganitong paraan? May ilang lider na walang kakayahang maghatid ng katotohanan para lumutas ng mga probema. Sa halip basta na lamang nilang pikit-

matang pinagsasabihan ang iba at ipinangangalandakan ang kanilang kapangyarihan upang katakutan sila at sundin sila—ang ganitong mga tao ay mga huwad na lider at mga anticristo. Yaong mga hindi nagbago ng disposisyon ay walang kakayahang gumanap ng gawain ng simbahan at hindi kayang maglingkod sa Diyos.

Hinango mula sa "Yaon Lamang mga May Katotohanang Realidad ang May Kakayahang Mamuno" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang mga tungkulin bang ginagampanan ng bawat isa sa inyo ngayon, maging sila man ay gumagawa ng pelikula o kumakanta ng mga himno upang magpatotoo sa Diyos, ay may anumang halaga sa sangkatauhan? Saan ba nakabase ang kanilang kahalagahan? Ang kanilang kahalagahan ay nasa pag-akay sa mga tao para magbasa ng mga salita ng Diyos at mamuhay sa tamang landas, upang maintindihan nilang lahat na sila'y kabilang sa mga nilalang at ang lahat ay humaharap sa Lumikha. Wala ba silang maraming problema na hindi nila maintindihan? Hindi ba sila nakakaramdam na para bagang wala silang magawa? Hindi ba nila nararamdaman ang kahungkagan? Hindi ba nila nararamdaman na namumuhay sila nang walang espiritwal na tulong? Hindi ba nila nararamdaman na ang buhay ay nakakapagod? Ano ang ugat ng lahat ng ito? Ang sagot ay nasa salita ng Diyos. Tinutupad ninyo ang mga tungkuling ito upang mapangyari ang bungang ito: ang gabayan ang kanilang pag-iisip, gabayan silang hanapin ang Diyos, hanapin ang tamang landas, hanapin ang Lumikha, at upang tanggapin, sundin, maintindihan, at malaman ang kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Lumikha. Tanging sa paraang ito nila maiintindihan kung bakit sila nabubuhay, kung ano ang halaga at kabuluhan ng kanilang mga buhay, at kung papaano sila dapat namumuhay. Kung gayon, kapag ginaganap ninyo ang inyong mga tungkulin, kinakailangan ninyong doblehin ang inyong pananalangin at magsikap; maging masipag at huwag maging tamad; at sama-samang makisalamuha nang mas madalas, na kumikilos ayon sa mga prinsipyo. Nang likhain ng Diyos ang sangkatauhang ito ay

mayroon nang plano ng pamamahala. Sa mga nakalipas na ilang libong taon, ang sangkatauhang ito ay hindi nagpasan ng anumang mabigat na responsibilidad o tagubilin na magpatotoo sa Lumikha, at ang ginawa ng Diyos sa sangkatauhan ay di-kapansin-pansin at simple. Subalit sa mga huling araw, iba ang mga bagay-bagay—magpapasan kayo ng malaking responsibilidad! Sa anong paraan ito magiging malaki? Higit pa sa pagpapalaganap ng mga salita ng Diyos, mas mahalaga pa na kayo ay magpatotoo para sa Lumikha sa bawat nilalang na tao. Gayundin, kailangan mo ring dalhin ang bawat nilalang na tao na nakarinig sa ebanghelyo ng Diyos sa harapan ng Lumikha upang kanilang maintindihan kung bakit nilalang Niya ang sangkatauhan at na bilang isang nilalang na tao, kinakailangan nilang bumalik sa harapan ng Lumikha at tanggapin ang Kanyang kataas-taasang kapangyarihan, mga paglalagay sa tama at pagsasaayos. Makakamit ba ninyo ito sa pamamagitan lamang ng pagsayaw o pagkanta ng isang himno? Hindi sapat ang paggawa ng isang aspeto lamang ng trabaho. Kailangan mong gumamit ng iba't ibang mga paraan at mga anyo upang magpatotoo sa mga gawain ng Lumikha at sa Kanyang kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos. Sa ganitong paraan, makakaakay ka pagkatapos ng mas marami pang tao sa harapan ng Lumikha upang maaari nilang tanggapin at sundin ang Kanyang kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos.

Hinango mula sa "Sa pamamagitan lamang ng Maayos na Pagganap sa Tungkulin ng Isang Nilalang Nagkakaroon ng Halaga ang Buhay ng Isang Tao" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Dahil naranasan nila sandali ang pagpipino ng Diyos (ang pagsubok sa mga tagasilbi at ang panahon ng pagkastigo), sinabi ng ilang tao sa huli: "Mahirap talagang maniwala sa Diyos!" Ang katotohanan na ginamit nila ang mga salitang, "mahirap talaga," ay nagpapakita na ang mga gawa ng Diyos ay di-maarok, na ang gawain ng Diyos ay may dakilang kabuluhan at halaga, at na ang Kanyang gawain ay lubhang karapat-dapat na pahalagahan ng tao. Kung, pagkatapos Kong gumawa ng napakaraming

gawain, wala ka ni katiting na kaalaman, magkakaroon pa ba ng halaga ang Aking gawain? Sasabihin mo dahil dito na: “Mahirap talagang maglingkod sa Diyos, lubhang kamangha-mangha ang mga gawa ng Diyos, at talagang matalino ang Diyos! Ang Diyos ay lubhang kaibig-ibig!” Kung, matapos sumailalim sa isang panahon ng karanasan, nagagawa mong sabihin ang mga salitang iyon, pinatutunayan nito na natamo mo na ang gawain ng Diyos sa iyong kalooban. Balang araw, habang ipinalalaganap mo ang ebanghelyo sa ibang bansa at may nagtanong sa iyo: “Kumusta ang pananampalataya mo sa Diyos?” masasabi mong: “Ang mga kilos ng Diyos ay lubhang kagila-gilalas!” Madarama niya na ang iyong mga salita ay nagkukuwento ng mga tunay na karanasan. Ito ang tunay na pagpapatotoo. Sasabihin mo na puno ng karunungan ang gawain ng Diyos, at ang Kanyang gawain sa iyo ay totoong nakakumbinsi sa iyo at nakalupig sa puso mo. Palagi mo Siyang mamahalin dahil higit pa Siya sa karapat-dapat sa pagmamahal ng sangkatauhan! Kung masasabi mo ang mga bagay na ito, maaantig mo ang puso ng mga tao. Lahat ng ito ay pagpapatotoo. Kung nagagawa mong magbigay ng matunog na patotoo, na paluhain ang mga tao, ipinakikita nito na talagang isa kang taong nagmamahal sa Diyos, sapagkat nagagawa mong patotohanan na mahal mo ang Diyos, at sa pamamagitan mo, mapapatotohanan ang mga kilos ng Diyos. Sa iyong patotoo, nahihikayat ang iba na hangarin ang gawain ng Diyos, maranasan ang gawain ng Diyos, at sa anumang sitwasyong nararanasan nila, magagawa nilang manindigan. Ito lamang ang tunay na paraan ng pagpapatotoo, at ito mismo ang ipinagagawa sa iyo ngayon.

Hinango mula sa “Yaong mga Gagawing Perpekto ay Kailangang Sumailalim sa Pagpipino” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Nalihis ang pagbubuod mo sa katotohanan; matapos mong gawin ang lahat ng pagbubuod na ito, nagbunga lang ito ng mga patakaran. Ang inyong “pagbubuod ng katotohanan” ay hindi ginagawa para magtamo ang mga tao ng buhay o magkamit ng mga pagbabago sa kanilang mga disposisyon mula sa katotohanan. Sa halip, nagiging dahilan ito para

magpakadalubhasa ang mga tao sa ilang kaalaman at doktrina mula sa loob ng katotohanan. Mukhang naunawaan na nila ang layunin sa likod ng gawain ng Diyos, ngunit sa katunayan kinabisa lamang nila ang ilang salita at doktrina. Hindi nila nauunawaan ang pinatutungkulang kahulugan ng katotohanan; walang pinagkaiba ito sa pag-aaral ng teolohiya o pagbabasa ng Biblia. Pinagsasama-sama mo ang mga aklat o ang mga pinag-aaralang iyon, kaya nga napapasakanila ang aspetong ito ng doktrina o ang aspetong iyon ng kaalaman. Magagaling kayong tagapagsalita ng mga doktrina—ngunit ano ang nangyayari kapag tapos na kayong magsalita? Ang mga tao ay wala namang kakayanang makaranas, wala silang pagkaunawa sa gawain ng Diyos, ni wala silang anumang pagkaunawa sa kanilang mga sarili. Sa kasukdulan, ang tanging mga nakamtan nila ay mga pormula at alituntunin, at nakapagsasalita sila tungkol sa kaunting mga bagay na ito ngunit wala nang iba pa. Kung gumawa ang Diyos ng isang bagay na bago, makakaya mo bang itugma ang lahat ng doktrinang alam mo riyan? Ang mga bagay na iyan na taglay mo ay mga tuntunin lamang at tinuturuan mo lamang ang mga tao ng teolohiya, hindi sila hinahayaang maranasan ang salita ng Diyos o ang katotohanan. Samakatuwid, ang mga aklat na iyon na pinagsasama-sama mo ay maaari lamang magdala sa iba sa teolohiya at kaalaman, sa mga pormula, at sa mga panuntunan, at kalakaran. Hindi nila madadala ang mga tao sa harapan ng Diyos, o matutulutan silang unawain ang katotohanan o ang kalooban ng Diyos. Iniisip mo na sa sunud-sunod na pagtatanong na iyon, na sinasagot mo naman, at nagsusulat ka ng mga balangkas at mga buod, ang gayong pag-uugali ay magiging dahilan para makaunawa ang iyong mga kapatid. Iniisip mo na bukod sa madaling tandaan ang mga isyung ito ar malinaw sa isang sulyap, at ito'y magaling na paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay. Ngunit ang kanilang nauunawaan ay hindi ang tunay na pinatutungkulang kahulugan ng katotohanan at hindi tumutugma sa realidad—ang mga ito'y mga salita at doktrina lamang. Kaya mas makabubuti kung hindi mo na lamang ginawa ang mga bagay na ito. Ang paggawa nito ay pag-aakay sa mga tao sa pag-unawa at pagsaulo ng

kaalaman. Dinadala mo ang iba tungo sa mga doktrina, sa relihiyon, at pinasusunod sila at pinapapaniwala sa Diyos na napapaloob sa mga relihiyosong doktrina. Hindi ba pagiging tulad lamang iyan ni Pablo? Iniisip mo na partikular na mahalaga ang pagsasaulo ng kaalaman sa katotohanan, gayon din ang pagsasapuso ng mga talata ng mga salita ng Diyos. Ngunit kung paano nauunawaan ng mga tao ang salita ng Diyos ay hindi mahalaga. Iniisip ninyo na napakahalagang maisaulo ng mga tao ang marami sa mga salita ng Diyos, masambit ang maraming doktrina, at matuklasan ang maraming pormula sa loob ng mga salita ng Diyos. Samakatuwid, lagi mong gustong gawan ng sistema ang mga bagay na ito upang ang lahat ay umaawit mula sa isang himnong papel, nagsasabi ng parehong mga bagay, at nagsasalita ng parehong mga doktrina, kaya mayroon silang parehong kaalaman at sumusunod sa parehong mga tuntunin—ito ang inyong layon. Ang paggawa ninyo nito ay mukhang para sa kapakanan ng pagtamo ng mga tao ng pagkaunawa, ngunit sa kabaligtaran wala kayong ideya na ito'y pagdadala sa mga tao sa kalagitnaan ng mga tuntunin na nasa labas ng katotohanan ng mga salita ng Diyos. Upang hayaan ang mga tao na magkaroon ng tunay na pagkaunawa sa katotohanan, dapat iugnay mo ito sa realidad at sa gawain, at lutasin ang mga praktikal na problema ayon sa katotohanan ng mga salita ng Diyos. Tanging sa paraang ito nauunawaan ng mga tao ang katotohanan at nakakapasok sa realidad, at tanging ang pagkamit ng gayong resulta ang talagang pagdadala sa mga tao sa harap ng Diyos. Kung ang lagi mo lamang sinasabi ay tungkol sa mga teoryang espirituwal, mga doktrina, at mga tuntunin, kung nagsusumikap ka lamang sa mga literal na salita, ang makakamit mo lamang ay magawa ang mga tao na magsalita ng parehong bagay at sumunod sa mga tuntunin, nguni't hindi mo makakayang gabayan ang mga tao na unawain ang katotohanan. Lalong hindi mo makakayang tulungan na mas maunawaan ng mga tao ang kanilang mga sarili, at makamit ang pagsisisi at pagbabago.

Hinango mula sa "Kung Wala ang Katotohanan Madaling Magkasala sa Diyos" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung ang isang pinuno ay isang taong matuwid, na lumalakad sa tamang landas at hinahanap at isinasagawa ang katotohanan, kakain at iinom nang maayos at maghahanap nang maayos ang mga taong kanilang pinangungunahan, at, kasabay nito, ang pansariling pagsulong ng pinuno ay palaging makikita ng iba. Kaya, ano ang tamang landas na dapat lakaran ng isang pinuno? Ito ang kakayanang pangunahan ang iba tungo sa pagkaunawa ng katotohanan at sa pagpasok sa katotohanan, at akayin ang iba sa harapan ng Diyos. Ano ang maling landas? Ito ang madalas na pagtataas sa sarili at pagpapatotoo sa sarili, paghahangad ng katayuan, kasikatan, at pakinabang, at hindi kailanman nagpapatotoo sa Diyos. Ano ang epekto nito sa mga taong nasa ilalim nila? (Dinadala nito ang mga taong iyon sa harapan nila.) Maliligaw ang mga tao papalayo sa Diyos at hahantong sa ilalim ng kontrol ng pinunong ito. Hindi ba't malinaw na ang mga taong dinadala sa harapan ng kanilang pinuno ay makokontrol ng pinunong iyon? At, siyempre, inilalayo sila nito mula sa Diyos. Kung pinangungunahan mo ang mga tao upang lumapit sa harapan mo, kung gayon pinangungunahan mo sila upang lumapit sa harapan ng tiwaling sangkatauhan, at pinapangunahan mo sila upang lumapit sa harapan ni Satanas, hindi sa Diyos. Tanging ang pangunguna sa mga tao upang humarap sa katotohanan ang siyang pangunguna sa kanila upang lumapit sa harapan ng Diyos.

Hinango mula sa "Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (1)" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Mas maraming katotohanan ang iyong nauunawaan, mas malaki ang pag-unawa mo sa kung paano isasagawa nang maayos ang iyong tungkulin at pumasok sa katotohanang realidad. Habang lumalago ang iyong pag-unawa, ganun din ang paglago ng iyong buhay; habang lumalago ang buhay mo, nagiging mas normal ang kalagayan sa iyong kalooban, at ang mga tao at bagay na dating umaabala sa iyo, kinokontrol ka, at pinaghihigpitan ka ay hindi na isang problema para sa iyo. Sa ganitong paraan, unti-unting nagiging mas normal ang ugnayan mo sa

Diyos. Alam mo kung paano umasa sa Diyos, kung paano hanapin ang Kaniyang kalooban, kung saan ang lugar mo, kung ano ang iyong dapat at hindi dapat gawin, kung ano ang dapat at hindi mo dapat inaalala, at hindi ba lalong nagiging normal ang kalagayan mo bilang resulta? At hindi ba mas madaling mabuhay nang ganito? Sa pamumuhay ng madaling buhay, hindi ba nagiging maliwanag at maaliwalas ang iyong puso, at hindi ba mas madalas kang masaya kung gayon? Kapag mas madalas kang masaya, nasisiyahan ang mga tao sa buong pagtingin ng iyong kaisipan; nakapagpapatibay ka ng iba nang hindi lantarang nagpapakita. Sa mga ganitong pagkakataon, ang mga salita mo at kilos ay sukat at may prinsipyo, at kapag may nakita kang taong negatibo at mahina, nagagawa mong magbigay ng ilang mahahalagang tulong. Hindi mo pinagsasalitaan ang mga tao o pinipigilan sila, ginagamit mo sa halip ang mga sarili mong totoong karanasan upang matulungan at makinabang sila. At sa gayon, hindi ka na lang isang taong pinagpipilitan ang sarili sa bahay ng Diyos, ngunit isang taong kapaki-pakinabang, na kayang bumuhat ng pasanin, na kayang gumawa ng mas makabuluhang bagay sa bahay ng Diyos. Hindi ba nagugustuhan at tinatanggap ng iba ang ganitong mga tao? At paano tinitingnan ng Diyos ang ganitong mga tao? (Nakakukuha Siya ng kagalakan sa kanila.) Bakit Siya nakakukuha ng kagalakan sa kanila? Kung nakamit mo ang pagpasok sa buhay, kung ikaw ay taong madalas na nabubuhay sa harap ng Diyos at ng katotohanan, at na ginagabayan din ang iba sa pagkilos nang gayon, hindi mo ba sila inaakay sa harap ng Diyos kung gayon? Kung hindi ka nagtataglay ng mga katotohanang ito, ng mga ganitong karanasan, maaakay mo ba ang iba sa Diyos? Kung ikaw mismo ay walang kakayahang mabuhay sa harap ng Diyos, hindi mo magagawang akayin ang iba sa Diyos. Kung ipinipilit mo lang ang sarili, madalas na ginagawa ito para lamang dito, kung gayon ay hindi ka taong nabubuhay sa harap ng Diyos. Matatanggap ba ng mga hindi nabubuhay sa harap ng Diyos ang pagsisiyasat ng Diyos? Kaya ba nilang magtiis sa ilalim ng Kanyang mga pagsubok? Kaya ba nilang tumayo nang matatag sa gitna ng Kanyang mga pagsubok? (Hindi.) Kaya ba ng mga ganitong

taong magpasan ng pagpapatotoo sa ngalan ng Diyos? Maaari ba silang magpatotoo sa Diyos? (Hindi.) Yaon bang mga hindi kayang magpatotoo sa Diyos ay mga taong tunay na naniniwala sa Diyos? Kailangan muna nilang gawin kahit man lamang makapasok sa pintuan ng bahay ng Diyos! Iyon ay dahil naniwala sila sa Diyos sa loob ng maraming taon, ngunit hindi nakamit ang pagpasok sa buhay, ni hindi sila nakapagpatotoo sa Diyos, o nagpatotoo tungkol sa Kanya sa ibang mga tao. Hindi mga saksi ng Diyos ang mga ganitong tao!

Hinango mula sa “Ang Pagpasok sa Buhay ay Dapat Magsimula sa Karanasan ng Pagganap sa Tungkulin ng Isa” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

96. Ang Mga Prinsipyo sa Pagpupuri at Pagpapatotoo sa Diyos

(1) Kinakailangang purihin ang Diyos bilang dakila at mataas. Magkaroon ng paggalang sa Kanya, at huwag sumamba o magdanas ng pagpigil ng sinumang tao; sumamba at magpasakop lamang sa Diyos.

(2) Ipalaganap ang mga salita ng Diyos at magpatotoo sa Kanyang gawain, at gamitin ang Kanyang mga salita bilang batayan upang pabulaanan ang mga relihiyosong kuro-kuro at teolohikal na doktrina ng tao, upang makabalik ang mga tao sa harap ng Diyos nang may pagpapasakop;

(3) Magbahagi tungkol sa personal mong karanasan at kaalaman sa Diyos, ayon sa Kanyang mga salita. Ihatid ang iba sa isang pagkaunawa sa katotohanan at sa isang pagpasok sa realidad, at dalhin sila sa harap ng Diyos;

(4) Itaguyod ang katotohanan at ipagsanggalang ang gawain ng Diyos. Huwag makipagkompromiso o sumuko sa mga pwersa ni Satanas, bagkus ay gamitin ang katotohanan upang lutasin ang bawat problema ng mga hinirang na tao ng Diyos;

(5) Sa pagganap sa iyong tungkulin, pagtuunan ang pagsasagawa ng katotohanan at pagpasok sa realidad, nang sa gayon ay makakilos ka nang naaayon sa mga prinsipyo at makapamuhay ng isang tunay na kawangis

ng tao. Ang paggawa nito ay tunay na pagpapatotoo sa Diyos.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang naranasan at nakita ninyo ay higit pa sa mga santo at propeta mula sa lahat ng kapanahunan, ngunit kaya ba ninyong magbigay ng patotoo na higit pa sa mga salita ng mga dating santo at propetang ito? Ang ipinagkaloob Ko sa inyo ngayon ay higit pa kay Moises at higit pa kay David, kung kaya't hinihiling Ko na ang inyong patotoo ay malampasan ang kay Moises at ang inyong mga salita ay maging higit pa kay David. Sandaang beses ang Aking ibinibigay sa inyo—kaya't hinihiling Ko rin sa inyo na katumbas noon ang ibalik sa Akin. Dapat ninyong malaman na Ako ang nagkakaloob ng buhay sa sangkatauhan, at kayo ang tumatanggap ng buhay mula sa Akin at dapat magpatotoo sa Akin. Ito ang inyong tungkulin na Aking ipinapadala sa inyo at nararapat ninyong gawin para sa Akin. Ipinagkaloob Ko na sa inyo ang lahat ng Aking kaluwalhatian, ipinagkaloob Ko sa inyo ang buhay na hindi kailanman natanggap ng hinirang na bayan, ang mga Israelita. Kung tutuusin, dapat kayong magpatotoo sa Akin at italaga ang inyong kabataan at ialay ang inyong buhay sa Akin. Ang sinumang pagkalooban Ko ng Aking kaluwalhatian ay dapat na magpatotoo sa Akin at mag-alay ng kanilang buhay para sa Akin. Matagal Ko na itong naitadhana. Mapalad kayo na ipinagkakaloob Ko ang Aking kaluwalhatian sa inyo, at ang inyong tungkulin ay magpatotoo sa Aking kaluwalhatian. Kung maniniwala kayo sa Akin upang magtamo lamang ng mga pagpapala, walang gaanong magiging kabuluhan ang Aking gawain, at hindi ninyo maisasakatuparan ang inyong tungkulin. Ang nakita lamang ng mga Israelita ay ang Aking awa, pag-ibig, at kadakilaan, at ang nasaksihan lamang ng mga Judio ay ang Aking tiyaga at pagtubos. Kaunting-kaunti lamang ang nakita nila sa gawain ng Aking Espiritu; sa puntong ang naunawaan nila ay pawang katiting lang ng narinig at nakita ninyo. Nahigitan ng nakita ninyo maging ang mga pinunong saserdote sa gitna nila. Ang mga katotohanan na inyong naunawaan ngayon ay higit sa kanila; ang nakita ninyo ngayon ay higit pa sa nakita noong Kapanahunan ng Kautusan, pati na rin sa Kapanahunan ng Biyaya, at ang naranasan

ninyo ay higit pa maging sa naranasan nina Moises at Elias. Sapagkat ang naunawaan lamang ng mga Israelita ay ang batas ni Jehova, at ang nakita nila ay ang likuran lamang ni Jehova; ang naunawaan lamang ng mga Judio ay ang pagtubos ni Jesus, ang natangap nila ay ang biyaya lamang na ipinagkaloob ni Jesus, at ang nakita nila ay ang larawan lamang ni Jesus sa loob ng tahanan ng mga Judio. Ang nakikita ninyo ngayon ay ang kaluwalhatian ni Jehova, ang pagtubos ni Jesus, at ang lahat ng Aking mga gawa sa araw na ito. Gayundin, narinig na ninyo ang mga salita ng Aking Espiritu, pinahalagahan ang Aking karunungan, nasaksihan ang Aking kamanghaan, at natutunan ang Aking disposisyon. Nasabi Ko na rin sa inyo ang lahat ng Aking plano ng pamamahala. Ang nasaksihan ninyo ay hindi lamang isang mapagmahal at maawaing Diyos, kundi isang Diyos na puspos ng katuwiran. Nakita na ninyo ang Aking nakamamanghang gawain at nalaman ninyong puno Ako ng kamahalan at poot. Higit pa rito, batid ninyong minsan na Akong nagdala ng Aking nag-aalab na poot sa sambahayan ng Israel, at ngayon, nakarating na ito sa inyo. Higit pa ang nauunawaan ninyo sa Aking mga misteryo sa langit kaysa kina Isaias at Juan; higit pa ang nalalaman ninyo tungkol sa Aking pagiging kaibig-ibig at pagiging kagalang-galang kaysa sa lahat ng banal ng mga nakaraang kapanahunan. Ang natanggap ninyo ay hindi lamang ang Aking katotohanan, ang Aking daan, at ang Aking buhay, kundi isang pangitain at pahayag na higit pa kaysa kay Juan. Naunawaan ninyo ang higit na maraming misteryo, at nasaksihan na rin ang Aking tunay na mukha; higit pa ang natanggap ninyo sa Aking paghatol at higit pa ang nalalaman ninyo tungkol sa Aking matuwid na disposisyon. Kung kaya, kahit na ipinanganak kayo sa mga huling araw, ang inyong pang-unawa ay sa nauna at nakalipas, at naranasan na rin ninyo ang mga bagay sa kasalukuyan, at ang lahat ng ito ay personal Kong ginawa. Hindi labis ang hinihingi Ko sa inyo, sapagkat napakarami Ko nang naibigay sa inyo, at marami na ang nakita ninyo sa Akin. Samakatuwid, hinihiling Ko sa inyong magpatotoo para sa Akin sa mga banal ng mga nagdaang kapanahunan, at ito lamang ang nais ng Aking puso.

Hinango mula sa “Ano ang Alam Mo sa Pananampalataya?” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang nais Ko ay ang iyong katapatan at pagkamasunurin ngayon, ang iyong pag-ibig at patotoo ngayon. Kahit na hindi mo pa alam sa sandaling ito kung ano ang patotoo o kung ano ang pag-ibig, dapat mong ibigay sa Akin ang iyong lahat-lahat, at ibigay sa Akin ang tanging kayamanan na mayroon ka: ang iyong katapatan at pagkamasunurin. Dapat mong malaman na ang patotoo ng Aking paggapi kay Satanas ay nakasalalay sa katapatan at pagkamasunurin ng tao, gayundin ang patotoo sa Aking ganap na paglupig sa tao. Ang tungkulin ng iyong pananampalataya sa Akin ay ang magpatotoo sa Akin, maging tapat sa Akin lamang, at maging masunurin hanggang sa huli. Bago Ko simulan ang susunod na hakbang ng Aking gawain, paano ka magpapatotoo sa Akin? Papaano ka magiging tapat at masunurin sa Akin? Itinatalaga mo ba ang iyong buong katapatan sa iyong tungkulin o basta ka na lang susuko? Mas nanaisin mo bang magpasakop sa bawat pagsasaayos Ko (maging ito man ay kamatayan o pagkawasak), o tumakas sa kalagitnaan upang maiwasan ang Aking pagkastigo? Kinakastigo kita upang ikaw ay magpatotoo sa Akin, at maging tapat at masunurin sa Akin. Higit pa rito, ang pagkastigo sa kasalukuyan ay upang ilantad ang susunod na hakbang ng Aking gawain at upang pahintulutang sumulong nang walang hadlang ang gawain. Kaya itinatagubilin Ko sa iyo na maging matalino at huwag tratuhin ang iyong buhay o ang kahalagahan ng iyong pag-iral na parang walang kabuluhang buhangin. Malalaman mo bang tiyak kung ano ang darating na gawain Ko? Alam mo ba kung paano Ako gagawa sa mga darating na araw at kung paano malalantad ang Aking gawain? Dapat mong malaman ang kabuluhan ng iyong karanasan sa Aking gawain, at bukod pa rito, ang kabuluhan ng iyong pananampalataya sa Akin. Marami na Akong nagawa; paano Ako susuko sa kalagitnaan ayon sa iyong palagay? Malawak na ang gawaing nagampanan Ko; paano Ko iyon mawawasak? Sa katunayan, naparito Ako upang wakasan ang kapanahunang ito. Ito ay totoo, ngunit

higit pa rito, dapat mong malaman na magsisimula Ako ng isang bagong kapanahunan, upang magsimula ng bagong gawain, at, higit sa lahat, upang palaganapin ang ebanghelyo ng kaharian. Kaya dapat mong malaman na ang gawain ngayon ay para lamang simulan ang isang kapanahunan, at upang ilatag ang pundasyon para sa pagpapalaganap ng ebanghelyo sa panahong darating at sa pagwawakas sa kapanahunan sa hinaharap. Ang Aking gawain ay hindi kasing pangkaraniwan tulad ng iniisip mo, hindi rin ito kasing walang halaga o walang kahulugan gaya ng pinaniniwalaan mo. Samakatuwid, dapat Ko pa ring sabihin sa iyo: Dapat mong ibigay ang iyong buhay sa Aking gawain, at bukod dito, dapat mong italaga ang iyong sarili sa Aking kaluwalhatian. Matagal Ko nang hinahangad na magpatotoo ka sa Akin, at higit Kong hinahangad na palaganapin mo ang Aking ebanghelyo. Dapat mong maunawaan kung ano ang nasa Aking puso.

Hinango mula sa “Ano ang Alam Mo sa Pananampalataya?” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ginagawa ng Diyos ang gawain ng paghatol at pagkastigo upang magtamo ang tao ng kaalaman tungkol sa Kanya, at alang-alang sa Kanyang patotoo. Kung hindi sa Kanyang paghatol sa tiwaling disposisyon ng tao, hindi posibleng malaman ng tao ang Kanyang matuwid na disposisyon, na hindi nagpapalampas ng pagkakasala, at ni hindi niya mapapalitan ng bago ang dati niyang pagkakilala sa Diyos. Alang-alang sa Kanyang patotoo, at alang-alang sa Kanyang pamamahala, ipinapakita Niya ang Kanyang kabuuan sa publiko, na nagbibigay-daan sa tao, sa pamamagitan ng Kanyang pagpapakita sa publiko, na magkaroon ng kaalaman tungkol sa Diyos, baguhin ang kanyang disposisyon, at magbigay ng matunog na patotoo sa Diyos. Ang pagbabago ng disposisyon ng tao ay nakakamit sa pamamagitan ng maraming iba’t ibang uri ng gawain ng Diyos; kung wala ang gayong mga pagbabago sa kanyang disposisyon, hindi magagawa ng tao na magpatotoo sa Diyos at maging kaayon ng puso ng Diyos. Ang pagbabago ng disposisyon ng tao

ay tanda na napalaya na ng tao ang kanyang sarili mula sa pagkaalipin kay Satanas at mula sa impluwensya ng kadiliman, at tunay nang naging isang huwaran at halimbawa ng gawain ng Diyos, isang saksi ng Diyos, at isang taong kaayon ng puso ng Diyos. Ngayon, naparito ang Diyos na nagkatawang-tao upang gawin ang Kanyang gawain sa lupa, at hinihiling Niya sa tao na magkamit ng kaalaman tungkol sa Kanya, pagsunod sa Kanya, patotoo sa Kanya, malaman ang Kanyang praktikal at normal na gawain, sundin ang lahat ng Kanyang salita at gawain na hindi naaayon sa mga palagay ng tao, at magpatotoo sa lahat ng gawaing Kanyang ginagawa upang iligtas ang tao, pati na ang lahat ng gawang isinasakatuparan Niya upang lupigin ang tao. Yaong mga nagpapatotoo sa Diyos ay kailangang magkaroon ng kaalaman tungkol sa Diyos; ang ganitong uri lamang ng patotoo ang tumpak at totoo, at ang ganitong uri lamang ng patotoo ang maaaring magbigay-kahihiyan kay Satanas. Ginagamit ng Diyos ang mga taong nakakilala na sa Kanya sa pamamagitan ng pagdaan sa Kanyang paghatol at pagkastigo, pakikitungo at pagtatabas, upang magpatotoo sa Kanya. Ginagamit Niya yaong mga nagawang tiwali ni Satanas upang magpatotoo sa Kanya, at ginagamit din Niya yaong ang mga disposisyon ay nagbago na, at sa gayon ay nagkamit na ng Kanyang mga pagpapala, upang magpatotoo sa Kanya. Hindi Niya kailangang purihin Siya ng tao sa salita lamang, ni hindi rin Niya kailangan ang papuri at patotoo ng kauri ni Satanas, na hindi Niya nailigtas. Yaon lamang mga nakakakilala sa Diyos ang karapat-dapat na magpatotoo sa Kanya, at yaon lamang mga nabago na ang kanilang disposisyon ang karapat-dapat na magpatotoo sa Kanya. Hindi papayagan ng Diyos ang tao na sadyang magdala ng kahihiyan sa Kanyang pangalan.

Hinango mula sa “Ang mga Nakakakilala Lamang sa Diyos ang Maaaring Magpatotoo sa Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang pagpapatotoo sa Diyos una sa lahat ay patungkol sa pagsasalita tungkol sa iyong kaalaman sa gawain ng Diyos, kung paano nilulupig ng Diyos ang mga tao, kung paano inililigtas ng Diyos ang mga tao, kung

paano Niya binabago ang mga tao; patungkol ito sa pagsasalita kung paano Niya ginagabayan ang mga tao papasok sa katotohanang realidad, na nagtutulot sa kanila na malupig, maperpekto, at mailigtas Niya. Ang pagpapatotoo ay nangangahulugan ng pagsasalita tungkol sa Kanyang gawain at lahat ng naranasan mo. Tanging ang Kanyang gawain ang kayang kumatawan sa Kanya, at tanging ang Kanyang gawain ang kayang maghayag sa Kanya sa publiko, sa Kanyang kabuuan; ang Kanyang gawain ay nagpapatotoo sa Kanya. Ang Kanyang gawain at mga binigkas ay direktang kumakatawan sa Espiritu; ang gawaing ginagawa Niya ay isinasakatuparan ng Espiritu, at ang mga salitang sinasambit Niya ay sinasalita ng Espiritu. Ang mga bagay na ito ay ipinapahayag lamang sa pamamagitan ng katawang-tao ng Diyos, subali't, ang katunayan, mga pahayag ito ng Espiritu. Lahat ng gawaing ginagawa Niya at lahat ng salitang sinasambit Niya ay kumakatawan sa Kanyang diwa. Kung, matapos bihisan ang Kanyang sarili ng laman at pumarito sa gitna ng tao, hindi nagsalita o gumawa ang Diyos, at pagkatapos ay inutusan kayong alamin ang Kanyang pagkatotoo, Kanyang normalidad, at Kanyang walang-hanggang kapangyarihan, magagawa mo ba? Magagawa mo bang alamin kung ano ang diwa ng Espiritu? Magagawa mo bang alamin ang mga katangian ng Kanyang katawang-tao? Dahil lamang sa naranasan ninyo ang bawa't hakbang ng Kanyang gawain kaya Niya kayo hinihingan na magpatotoo tungkol sa Kanya. Kung wala kayong gayong karanasan, hindi Niya kayo pipiliting magpatotoo. Sa gayon, kapag nagpapatotoo ka sa Diyos, hindi mo lamang pinatototohanan ang Kanyang panlabas na normal na pagkatao, kundi pati na ang gawaing Kanyang ginagawa at ang landas na Kanyang tinatahak; patototohanan mo kung paano ka Niya nalupig at sa anong mga aspeto ka nagawang perpekto. Ito ang klase ng patotoo na dapat mong ibigay. Kung, saan ka man magtungo, humihiyaw ka ng: "Naparito ang ating Diyos upang gumawa, at ang Kanyang gawain ay talagang praktikal! Natamo na Niya tayo nang walang mga kilos na higit sa karaniwan, nang wala man lang anumang mga himala at kababalaghan!" Itatanong ng iba: "Ano ang ibig mong sabihin kapag sinasabi mo na hindi

Siya gumagawa ng mga himala at kababalaghan? Paano ka Niya nalupig nang hindi gumagawa ng mga himala at kababalaghan?" At sasabihin mo: "Siya ay nagsasalita, at, kahit hindi nagpapakita ng anumang mga kababalaghan o himala, nalupig Niya tayo. Nalupig tayo ng Kanyang gawain." Sa kahuli-hulihan, kung wala kang masabing anuman na may katuturan, kung hindi mo nasasabi ang mga detalye, ito ba ay tunay na patotoo? Kapag nilulupig ng Diyos na nagkatawang-tao ang mga tao, ang Kanyang banal na mga salita ang gumagawa niyon. Hindi ito naisasakatuparan ng sangkatauhan; hindi ito isang bagay na nakakamit ng sinumang mortal, at kahit yaong mga may pinakamalalaking kakayahan sa normal na mga tao ay hindi ito kaya, sapagka't ang Kanyang pagka-Diyos ay mas mataas kaysa sinumang nilikha. Hindi ito pangkaraniwan sa mga tao; ang Lumikha, matapos ang lahat, ay mas dakila kaysa sinumang nilikha. Ang mga nilikha ay hindi kayang maging mas mataas kaysa sa Lumikha; kung mas mataas ka kaysa sa Kanya, hindi Niya magagawang lupigin ka, at nalulupig ka lang Niya dahil mas mataas Siya kaysa sa iyo. Siya na nakakayang lupigin ang buong sangkatauhan ay ang Lumikha, at walang sinuman kundi Siya ang nakakagawa ng gawaing ito. Ang mga salitang ito ay "patotoo"—ang klase ng patotoo na dapat mong taglayin. Sa paisa-isang hakbang, naranasan mo ang pagkastigo, paghatol, pagpipino, mga pagsubok, mga pagkabigo, at mga pagdurusa, at nalupig ka na; naisantabi mo na ang mga pagkakataon ng laman, ang iyong mga personal na motibo, at ang matatalik na interes ng laman. Sa madaling salita, lubos nang nalupig ng mga salita ng Diyos ang iyong puso. Bagama't hindi ka nakalago sa iyong buhay na katulad ng hinihingi Niya, alam mo ang lahat ng bagay na ito at lubos kang kumbinsido sa ginagawa Niya. Kaya, maaari itong tawaging patotoo, patotoo na tunay at totoo. Ang gawaing ipinarito ng Diyos na gawin, ang gawain ng paghatol at pagkastigo, ay para lupigin ang tao, nguni't tinatapos din Niya ang Kanyang gawain, winawakasan ang kapanahunan, at isinasakatuparan ang gawain ng pagtatapos. Winawakasan Niya ang buong kapanahunan, inililigtas ang buong sangkatauhan, pinalalaya ang sangkatauhan mula sa kasalanan sa huling

pagkakataon; lubos Niyang natatamo ang sangkatauhan, na Kanyang nilikha. Dapat mong patotohanan ang lahat ng ito. Napakarami mo nang naranasan sa gawain ng Diyos, nakita na ito ng sarili mong mga mata at personal mo itong naranasan; kapag nakaabot ka na sa pinakadulo, kailangan ay magawa mong gampanan ang tungkuling nakaatas sa iyo. Sayang iyon! Sa hinaharap, kapag pinalalaganap ang ebanghelyo, dapat mong makayang magsalita tungkol sa sarili mong kaalaman, magpatotoo sa lahat ng iyong natamo sa puso mo, at gawin ang lahat. Ito ang dapat marating ng isang nilikha. Ano ang aktuwal na kabuluhan ng yugtong ito ng gawain ng Diyos? Ano ang epekto nito? At gaano rito ang isinasakatuparan sa tao? Ano ang dapat gawin ng mga tao? Kapag nakakapagsalita ka nang malinaw tungkol sa lahat ng gawaing nagawa ng Diyos na nagkatawang-tao mula nang pumarito sa lupa, magiging husto ang iyong patotoo. Kapag nakakapagsalita ka nang malinaw tungkol sa limang bagay na ito: ang kabuluhan ng Kanyang gawain; ang mga nilalaman nito; ang diwa nito; ang disposisyon na kinakatawan nito; at ang mga prinsipyo nito, patutunayan nito na kaya mong magpatotoo sa Diyos, na tunay kang nagtataglay ng kaalaman. Ang Aking mga kinakailangan sa inyo ay hindi napakataas, at magagawa ng lahat ng nasa tunay na paghahabol. Kung nagpasya kang maging isa sa mga saksi ng Diyos, kailangan mong maunawaan kung ano ang kinapopootan ng Diyos at kung ano ang minamahal ng Diyos. Naranasan mo na ang marami sa Kanyang gawain; sa pamamagitan ng gawaing ito, kailangan mong malaman ang Kanyang disposisyon, maunawaan ang Kanyang kalooban at Kanyang mga kinakailangan sa sangkatauhan, at gamitin ang kaalamang ito upang magpatotoo tungkol sa Kanya at gampanan ang iyong tungkulin. Maaaring sabihin mo lang na: “Kilala namin ang Diyos. Napakatindi ng Kanyang paghatol at pagkastigo. Ang Kanyang mga salita ay napakahigpit; ang mga ito ay matuwid at maringal, at hindi maaaring suwayin ng sinumang tao,” nguni’t ang mga salitang ito ba sa kahuli-hulihan ay nagkakaloob sa tao? Ano ang epekto ng mga ito sa mga tao? Talaga bang alam mo na ang gawain ng paghatol at pagkastigo na ito ay napakabuti para sa iyo? Inilalantad ng paghatol at

pagkastigo ng Diyos ang iyong pagiging mapanghimagsik at katiwalian, hindi ba? Malilinis at mapapatalsik ng mga ito ang marurumi at tiwaling bagay na iyon na nasa loob mo, hindi ba? Kung walang paghatol at pagkastigo, ano ang mangyayari sa iyo? Kinikilala mo ba talaga ang katotohanang nagawa ka nang tiwali ni Satanas sa pinakamatinding antas? Ngayon, dapat ninyong sangkapan ang inyong sarili ng mga bagay na ito at alamin nang husto ang mga ito.

Hinango mula sa “Pagsasagawa (7)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kapag nagpapatotoo para sa Diyos, dapat pangunahing nagsasalita kayo tungkol sa kung paano hinahatulan at kinakastigo ng Diyos ang mga tao, kung anong mga pagsubok ang ginagamit Niya para pinuhin ang mga tao at baguhin ang kanilang mga disposisyon. Dapat ring magsalita tungkol sa kung gaano nang katiwalian ang naibubunyag sa inyong karanasan, kung gaano na ang inyong natitiis at kung paano kayo nalupig kalaunan ng Diyos; magsalita kung gaanong tunay na kaalaman tungkol sa gawain ng Diyos ang mayroon kayo, at kung paano kayo dapat sumaksi para sa Diyos at suklian Siya dahil sa Kanyang pag-ibig. Dapat ninyong lagyan ng substansya ang ganitong uri ng wika, habang inilalagay ito sa isang payak na paraan. Huwag ninyong pag-usapan ang mga hungkag na teorya. Magsalita kayo nang mas makatotohanan; magsalita kayo na mula sa puso. Ganito ang dapat ninyong maranasan. Huwag ninyong sangkapan ang inyong mga sarili ng mga tila malalim at walang-lamang teorya para magyabang; sa paggawa nito ay nagmumukha kayong mapagmataas at walang-katuturan. Dapat ay magsalita kayo nang higit tungkol sa mga tunay na bagay mula sa aktuwal ninyong karanasan na totoo at mula sa puso, at magsalita mula sa puso; ito ay pinaka-kapaki-pakinabang sa iba, at pinaka-nararapat na makita nila. Dati kayo ay mga taong labis na sumasalungat sa Diyos at pinaka malabong magpasakop sa Diyos, ngunit ngayon kayo’y nalupig—huwag ninyong kalilimutan iyan. Dapat pagbulay-bulayan at pag-isipan ang mga usaping ito nang higit pa. Sa sandaling naunawaan ng mga tao ang mga ito nang malinaw, malalaman nila kung

paano magpatotoo; kung hindi, baka makagawa sila ng mga kilos na kahiya-hiya at walang-katuturan.

Hinango mula sa “Sa Pamamagitan Lamang ng Paghahabol sa Katotohanan Nakakamit ng Isang Tao ang Pagbabago sa Disposisyon” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Anong patotoo ang ibinibigay ng tao sa Diyos sa bandang huli? Nagpapatotoo ang tao na ang Diyos ang Diyos na matuwid, na ang Kanyang disposisyon ay katuwiran, poot, pagkastigo, at paghatol; nagpapatotoo ang tao sa matuwid na disposisyon ng Diyos. Ginagamit ng Diyos ang Kanyang paghatol upang ang tao ay gawing perpekto, mahal na Niya ang tao, at iniligtas ang tao—ngunit gaano karami ang nakapaloob sa Kanyang pag-ibig? Mayroong paghatol, kamahalan, poot, at sumpa. Bagama’t isinumpa ng Diyos ang tao noong araw, hindi Niya ganap na itinapon ang tao sa walang-hanggang kalaliman, kundi ginamit ang kaparaanang iyon upang pinuhin ang pananampalataya ng tao; hindi Niya pinatay ang tao, kundi kumilos Siya upang gawing perpekto ang tao. Ang diwa ng laman ay yaong kay Satanas—tamang-tama ang pagkasabi rito ng Diyos—ngunit ang mga katotohanang isinasagawa ng Diyos ay hindi natatapos ayon sa Kanyang mga salita. Isinusumpa ka Niya upang mahalin mo Siya, at upang maunawaan mo ang diwa ng laman; kinakastigo ka Niya upang ikaw ay magising, upang tulutan kang malaman ang mga kakulangan sa iyong kalooban, at upang malaman ang lubos na kawalang-halaga ng tao. Sa gayon, ang mga sumpa ng Diyos, ang Kanyang paghatol, at ang Kanyang kamahalan at poot—lahat ng ito ay upang gawing perpekto ang tao. Lahat ng ginagawa ng Diyos sa ngayon, at ang matuwid na disposisyon na nililinaw Niya sa inyong kalooban—lahat ng ito ay upang gawing perpekto ang tao. Gayon ang pag-ibig ng Diyos.

Hinango mula sa “Sa Pagdanas Lamang ng Masasakit na Pagsubok Mo Malalaman ang Pagiging Kaibig-ibig ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ano ang dapat mong hangarin ngayon? Kaya mo mang magpatotoo para sa gawain ng Diyos o hindi, nagagawa mo mang maging isang patotoo at isang pagpapakita ng Diyos o hindi, at angkop ka mang

kasangkapanin Niya o hindi—ito ang mga bagay na dapat mong hangarin. Gaano karaming gawain ba ang talagang nagawa sa iyo ng Diyos? Gaano karami ba ang iyong nakita, gaano karami ang iyong nahawakan? Gaano karami ang iyong naranasan, at natikman? Nasubok ka man, napakitunguhan, o nadisiplina ng Diyos, naisagawa sa iyo ang Kanyang mga kilos at gawain. Ngunit bilang isang mananampalataya sa Diyos at bilang isang taong handang hangarin na magawa Niyang perpekto, nagagawa mo bang magpatotoo para sa gawain ng Diyos batay sa iyong praktikal na karanasan? Maisasabuhay mo ba ang salita ng Diyos sa pamamagitan ng iyong praktikal na karanasan? Nagagawa mo bang maglaan para sa iba sa pamamagitan ng iyong sariling praktikal na karanasan, at gugulin ang iyong buong buhay sa pagpapatotoo sa gawain ng Diyos? Para makapagpatotoo sa gawain ng Diyos, kailangan mong umasa sa iyong karanasan, kaalaman, at sakripisyong nagawa. Saka mo lamang mapapalugod ang Kanyang kalooban. Ikaw ba ay isang taong nagpapatotoo sa gawain ng Diyos? Mayroon ka bang ganitong hangarin? Kung nagagawa mong magpatotoo sa Kanyang pangalan, at higit pa, sa Kanyang gawain, at kung naisasabuhay mo ang larawang kinakailangan Niya sa Kanyang mga tao, isa kang saksi para sa Diyos. Paano ka ba talaga nagpapatotoo sa Diyos? Ginagawa mo ito sa pamamagitan ng paghahangad at pananabik na isabuhay ang salita ng Diyos, at, sa pagpapatotoo sa pamamagitan ng iyong mga salita, pagtutulot sa mga tao na malaman ang Kanyang gawain at makita ang Kanyang mga kilos. Kung tunay mong hinahangad ang lahat ng ito, gagawin kang perpekto ng Diyos. Kung ang tanging hangad mo ay magawang perpekto ng Diyos at mapagpala sa pinakahuli, hindi dalisay ang pananaw ng iyong pananampalataya sa Diyos. Dapat mong hangarin kung paano makita ang mga gawa ng Diyos sa tunay na buhay, kung paano Siya mapapalugod kapag ibinubunyag Niya sa iyo ang Kanyang kalooban, at hangarin kung paano ka dapat magpatotoo tungkol sa Kanyang pagiging kamangha-mangha at karunungan, at kung paano magpatotoo kung paano ka Niya dinidisiplina at pinakikitunguhan. Lahat ng ito ay mga bagay na dapat mong

pinagninilayan ngayon. Kung ang pagmamahal mo sa Diyos ay para lamang makabahagi ka sa kaluwalhatian ng Diyos matapos ka Niyang gawing perpekto, hindi pa rin ito sapat at hindi makakatugon sa mga kinakailangan ng Diyos. Kailangan mong magawang magpatotoo tungkol sa gawain ng Diyos, mabigyang-kasiyahan ang Kanyang mga hinihiling, at maranasan ang gawaing Kanyang nagawa sa mga tao sa praktikal na paraan. Pasakit man, mga luha, o kalungkutan, kailangan mong maranasan ang lahat ng ito sa iyong pagsasagawa. Layon nitong gawin kang perpekto bilang isang taong nagpapatotoo para sa Diyos. Ano nga ba, talaga, ang pumipilit sa iyo ngayon na magdusa at maghangad na magawang perpekto? Ang kasalukuyan mo bang pagdurusa ay alang-alang talaga sa pagmamahal sa Diyos at pagpapatotoo para sa Kanya? O alang-alang sa mga pagpapala ng laman, para sa iyong mga inaasam sa hinaharap at kapalaran? Lahat ng layunin, pangganyak, at mithiing hinahangad mong matamo ay kailangang maituwid at hindi maaaring gabayan ng iyong sariling kalooban. Kung hinahangad ng isang tao na magawang perpekto upang tumanggap ng mga pagpapala at maghari nang may kapangyarihan, samantalang hinahangad ng isa pang tao na magawang perpekto upang mapalugod ang Diyos, upang magbigay ng praktikal na patotoo sa gawain ng Diyos, alin sa dalawang paraang ito ng paghahangad ang pipiliin mo? Kung pipiliin mo ang una, napakalayo mo pa rin sa mga pamantayan ng Diyos. Sinabi Kong minsan na mahahayag sa buong sansinukob ang Aking mga kilos at na Ako ay mamamahala bilang Hari sa sansinukob. Sa kabilang dako, ang naipagkatiwala sa inyo ay ang lumabas upang magpatotoo sa gawain ng Diyos, hindi upang maging mga hari at magpakita sa buong sansinukob. Hayaang punuin ng mga gawa ng Diyos ang buong kosmos at kalangitan. Hayaang makita at kilalanin ng lahat ang mga ito. Binabanggit ang mga salitang ito patungkol sa Diyos Mismo, at ang dapat gawin ng mga tao ay ang magpatotoo para sa Diyos. Gaano karami na ngayon ang alam mo tungkol sa Diyos? Gaano karami na ang mapapatotohanan mo tungkol sa Diyos? Ano ang layunin ng Diyos sa pagpeperpekto sa tao? Kapag naunawaan mo na ang kalooban ng Diyos,

paano ka dapat magpakita ng konsiderasyon sa Kanyang kalooban? Kung handa kang magawang perpekto at magpatotoo sa gawain ng Diyos sa pamamagitan ng iyong isinasabuhay, kung ito ang nag-uudyok sa iyo, walang napakahirap gawin. Ang kailangan ng mga tao ngayon ay pananampalataya. Kung ito ang nag-uudyok sa iyo, madaling pakawalan ang anumang pagkanegatibo, pagkabalintiyak, katamaran at mga pagkaintindi ng laman, mga pilosopiya sa buhay, masuwaying disposisyon, mga emosyon, at iba pa.

Hinango mula sa “Yaong mga Gagawing Perpekto ay Kailangang Sumailalim sa Pagpipino” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ngayon, maaari kang maghangad na magawang perpekto o maghangad ng mga pagbabago sa iyong panlabas na pagkatao at mapahusay ang iyong kakayahan, ngunit ang pinakamahalaga ay na nauunawaan mo na lahat ng ginagawa ngayon ng Diyos ay may kahulugan at kapaki-pakinabang: Ikaw na isinilang sa isang lupain ng karumihan ay nagkakaroon ng kakayahang makatakas sa karumihan at maipagpag ito, binibigyan ka nito ng kakayahang madaig ang impluwensya ni Satanas, at talikuran ang madilim na impluwensya ni Satanas. Sa pagtutuon sa mga bagay na ito, protektado ka sa lupaing ito ng karumihan. Sa huli, anong patotoo ang hihilinging ibigay mo? Ikaw ay isinilang sa isang lupain ng karumihan ngunit nagagawa mong maging banal, na hindi na muling mabahiran ng dumi kailanman, na mabuhay sa ilalim ng sakop ni Satanas ngunit inaalis sa iyong sarili ang impluwensya ni Satanas, na hindi masapian ni maligalig ni Satanas, at mabuhay sa mga kamay ng Makapangyarihan sa lahat. Ito ang patotoo, at ang katibayan ng tagumpay sa pakikipaglaban kay Satanas. Nagagawa mong talikuran si Satanas, hindi ka na nagpapakita ng napakasasamang disposisyon sa iyong pagsasabuhay, kundi sa halip ay isinasabuhay mo yaong hinihiling ng Diyos na makamit ng tao nang likhain Niya ang tao: normal na pagkatao, normal na pakiramdam, normal na kabatiran, normal na matibay na pagpapasiyang mahalin ang Diyos, at katapatan sa Diyos. Ganyan ang

patotoong ibinabahagi ng isang nilalang ng Diyos. Sabi mo, “Tayo ay isinilang sa isang lupain ng karumihan, ngunit dahil sa proteksyon ng Diyos, dahil sa Kanyang pamumuno, at dahil nalupig Niya tayo, naalis na natin sa ating sarili ang impluwensya ni Satanas. Nakakaya nating sumunod ngayon dahil sa epekto ng paglupig ng Diyos, at hindi dahil sa mabuti tayo, o dahil likas nating mahal ang Diyos. Iyon ay dahil hinirang tayo ng Diyos, at itinalaga tayo noon pa man, kaya tayo nalupig ngayon, nagagawa nating magpatotoo sa Kanya, at maglingkod sa Kanya; gayundin, ito ay dahil hinirang Niya tayo at pinrotektahan, kaya tayo naligtas at napalaya mula sa sakop ni Satanas, at maaari nating talikuran ang karumihan at mapadalisay sa bansa ng malaking pulang dragon.”

Hinango mula sa “Ang Katotohanang Nakapaloob sa Gawain ng Panlulupig (2)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa kanilang tunay na mga karanasan, ang mga taong may katotohanan ay yaong mga makakayang manindigan sa kanilang patotoo, manindigan sa kanilang kalagayan, tumayo sa panig ng Diyos, nang hinding-hindi umaatras, at magkaroon ng normal na ugnayan sa mga taong nagmamahal sa Diyos, na sakali mang mangyari ang mga bagay sa kanila ay magagawang ganap na sumunod sa Diyos, at makakayang sumunod sa Diyos hanggang kamatayan. Ang iyong pagsasagawa at mga pahayag sa tunay na buhay ay ang patotoo ng Diyos, ang mga ito ang pagsasabuhay ng tao at ang patotoo ng Diyos, at ito ang tunay na pagtatamasa sa pagmamahal ng Diyos; kapag nakaranas ka hanggang sa puntong ito, ang nararapat na bisa ay makakamit na. Nagtataglay ka ng aktwal na pagsasabuhay, at ang bawat kilos mo ay tinitingala ng iba nang may paghanga. Pangkaraniwan ang iyong pananamit at panlabas na anyo, ngunit isinasabuhay mo ang isang buhay na may sukdulang kabanalan, at kapag ipinababatid mo ang mga salita ng Diyos, ginagabayan at nililiwanagan ka Niya. Nagagawa mong sabihin ang kalooban ng Diyos sa pamamagitan ng iyong mga salita, naipagbibigay-alam ang realidad, at marami kang nauunawaan tungkol sa paglilingkod sa diwa. Tapat ka sa

iyong pananalita, disente at matuwid, ayaw sa hidwaan at mapagpakundangan, nagagawang sundin ang mga pagsasaayos ng Diyos at naninindigan sa iyong patotoo kapag may nangyayari sa iyo, at ikaw ay payapa at mahinahon anuman ang kinakaharap mo. Ang ganitong uri ng tao ay tunay na nakita na ang pag-ibig ng Diyos. May ilang tao na bata pa, ngunit kumikilos sila na tila may-edad na; may isip na sila, nagtataglay ng katotohanan, at hinahangaan ng iba—at ito ang mga taong may patotoo, at mga manipestasyon ng Diyos.

Hinango mula sa "Ang mga Nagmamahal sa Diyos ay Mabubuhay Magpakailanman sa Kanyang Liwanag" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung naniniwala ang mga tao sa Diyos, at nararanasan ang mga salita ng Diyos sa pamamagitan ng pusong gumagalang sa Diyos, kung gayon ay makikita sa ganoong mga tao ang pagliligtas ng Diyos at pag-ibig ng Diyos. Nagagawa rin ng mga taong ito na magpatotoo sa Diyos; isinasabuhay nila ang katotohanan, at ang kanilang pinatototohanan ay ang katotohanan rin, kung ano ang Diyos at disposisyon ng Diyos. Namumuhay sila sa gitna ng pagmamahal ng Diyos at nakita na ang pagmamahal ng Diyos. Kung nais ng mga tao na mahalin ang Diyos, dapat nilang matikman ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos at makita ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos; sa gayon lamang makakayang gisingin sa kanila ang isang pusong nagmamahal sa Diyos, isang pusong nagbibigay-sigla sa mga tao na matapat na ibigay ang mga sarili para sa Diyos. Hindi ginagawa ng Diyos na ibigin Siya ng mga tao sa pamamagitan ng mga salita at pahayag o sa pamamagitan ng kanilang imahinasyon, at hindi Niya pinipilit ang mga tao na mahalin Siya. Sa halip, hinahayaan Niyang kusang-loob na ibigin nila Siya, at hinahayaan Niya na makita nila sa Kanyang gawain at mga pagsasalita ang Kanyang pagiging kaibig-ibig, at matapos nito ay nailuluwal sa kanila ang pag-ibig sa Diyos. Tanging sa ganitong paraan maaaring tunay na magpatotoo ang mga tao sa Diyos. Hindi minamahal ng mga tao ang Diyos dahil nahimok sila ng iba na gawin ito, at hindi rin ito panandaliang bugso ng damdamin. Minamahal nila ang Diyos

sapagkat nakita na nila ang Kanyang pagiging kaibig-ibig, nakita nila na marami sa Kanya ang karapat-dapat ibigin ng mga tao, sapagkat nakita na nila ang pagliligtas, karunungan, at mga kamangha-kamanghang gawa ng Diyos—at bilang resulta, tunay silang nagpupuri sa Diyos at tunay na hinahangad Siya, at may ganoong simbuyo ng damdamin na nagigising sa kanila na hindi sila maaaring mabuhay nang hindi nakakamit ang Diyos. Ang dahilan kung bakit nagagawang magbigay ng umaalingawngaw na patotoo sa Kanya yaong mga taong tunay na nagpapatotoo sa Diyos ay dahil ang kanilang patotoo ay nakasandig sa pundasyon ng tunay na kabatiran at tunay na paghahangad para sa Diyos. Ang ganoong patotoo ay hindi inihahandog sa isang bugso ng damdamin, ngunit ayon sa kanilang kabatiran sa Diyos at sa Kanyang disposisyon. Sapagkat nakilala na nila ang Diyos, sa pakiramdam nila ay tiyak na dapat silang magpatotoo sa Diyos, at magsilbi sa lahat ng naghahangad sa Diyos na makilala ang Diyos, at magkaroon ng kamalayan sa pagiging kaibig-ibig ng Diyos at sa Kanyang pagiging totoo. Tulad ng pag-ibig ng mga tao sa Diyos, ang kanilang patotoo ay kusang-loob, ito ay tunay, at may tunay na kabuluhan at halaga. Hindi ito pasibo o hungkag at walang-kabuluhan. Ang dahilan kung bakit ang mga umiibig lamang sa Diyos ang may lalong higit na halaga at kahulugan sa kanilang mga buhay, at sila lamang ang tunay na naniniwala sa Diyos, ay dahil nagagawa ng mga taong ito na mamuhay sa liwanag ng Diyos at nagagawang mamuhay para sa gawain at pamamahala ng Diyos. Ito ay dahil hindi sila namumuhay sa kadiliman, kundi namumuhay sa liwanag; hindi sila namumuhay nang walang-kahulugang mga buhay, bagkus ay mga buhay na pinagpala ng Diyos. Tanging ang mga taong nagmamahal sa Diyos ang nagagawang magpatotoo sa Diyos, sila lamang ang mga saksi ng Diyos, sila lamang ang pinagpala ng Diyos, at tanging sila ang nagagawang tumanggap ng mga pangako ng Diyos.

Hinango mula sa “Ang mga Nagmamahal sa Diyos ay Mabubuhay Magpakailanman sa Kanyang Liwanag” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ngayon, ang mahalaga ay na kailangan ninyong malaman ang diwa ng tao, at kailangan ninyong malaman kung ano ang dapat ninyong pasukin; kailangan ninyong pag-usapan ang pagpasok sa buhay, at mga pagbabago sa disposisyon, kung paano talaga malupig, at paano ganap na susundin ang Diyos, paano magbahagi ng huling patotoo sa Diyos, at paano makakasunod hanggang kamatayan. Kailangan mong tumuon sa mga bagay na ito, at yaong hindi makatotohanan o mahalaga ay kailangan munang isantabi at pabayaan. Ngayon, dapat mong mabatid kung paano malupig, at kung paano kumikilos ang mga tao matapos silang malupig. Maaari mong sabihin na nalupig ka na, ngunit makakasunod ka ba hanggang kamatayan? Kailangan mong magawang sumunod hanggang sa kahuli-hulihan mayroon mang anumang mga maaasam, at hindi ka dapat mawalan ng pananampalataya sa Diyos anuman ang sitwasyon. Sa huli, kailangan mong matamo ang dalawang aspeto ng patotoo: ang patotoo ni Job—pagsunod hanggang kamatayan; at ang patotoo ni Pedro—ang sukdulang pagmamahal sa Diyos. Sa isang banda, kailangan mong maging kagaya ni Job: nawala ang lahat ng kanyang ari-arian, at pinahirapan ng sakit ng katawan, subalit hindi niya tinalikuran ang pangalan ni Jehova. Ito ang patotoo ni Job. Nagawang mahalin ni Pedro ang Diyos hanggang kamatayan. Noong siya ay ipako sa krus at hinarap ang kanyang kamatayan, minahal pa rin niya ang Diyos; hindi niya inisip ang sarili niyang mga inaasam o hinangad ang magagandang pag-asa o maluluhong saloobin, at hinangad lamang niyang mahalin ang Diyos at sundin ang lahat ng plano ng Diyos. Iyan ang batayan na kailangan mong makamtan bago ka maituring na nagpatotoo, bago ka maging isang tao na nagawang perpekto matapos na malupig.

Hinango mula sa “Ang Katotohanang Nakapaloob sa Gawain ng Panlulupig (2)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Lahat ng hindi tumatayo at nagpapatotoo ay ang mga ninuno ng mga bulag, at ng mga hari ng kamangmangan. Sila ang magiging walang-hanggang mangmang, walang-hanggang mga hangal: ang walang-

hanggang patay na bulag. Para sa kadahilanang ito kaya dapat gumising ang ating mga espiritu! Dapat bumangon ang lahat ng tao! Ipagbunyi, purihin, at dakilain nang walang katapusan ang Hari ng kaluwalhatian, ang Ama ng awa, ang Anak ng pagtubos, ang masaganang pitong Espiritu, ang Makapangyarihang Diyos na nagdadala ng maringal na nagngangalit na apoy at matuwid na paghuhukom, at Siyang lubos na sapat, masagana, makapangyarihan sa lahat, at kumpleto. Dadakilain magpakailanman ang Kanyang trono! Dapat makita ng lahat ng tao na ito ay ang karunungan ng Diyos; ito ang Kanyang kamangha-manghang landas tungo sa kaligtasan, at ang katuparan ng Kanyang maluwalhating kalooban. Kung hindi tayo babangon at magpapatotoo, sa gayon, kapag ang sandali ay lumipas na, wala nang balikan. Kung pagpapala o kamalasan ang ating makakamit ay pinagpapasyahan sa kasalukuyang yugtong ito ng ating paglalakbay, batay sa kung ano ang ating ginagawa, kung ano ang ating iniisip at kung ano ang isinasabuhay natin ngayon. Paano kayo dapat kumilos? Magpatotoo at dakilain ang Diyos magpakailanman, dakilain ang Makapangyarihang Diyos, Cristo ng mga huling araw—ang walang-hanggan, natatangi, at totoong Diyos!

Mula ngayon, dapat mong makita nang malinaw na lahat ng yaong hindi nagpapatotoo para sa Diyos—hindi nagpapatotoo dito sa natatangi, totoong Diyos, gayundin yaong mga nagkakandili ng mga pag-aalinlangan tungkol sa Kanya—silang lahat ay may-sakit at patay at ang mga yaong sumusuway sa Diyos! Napatunayan na ang mga salita ng Diyos mula sa sinaunang mga panahon: Ang hindi panig sa Akin ay laban sa Akin, at ang hindi Ko kasamang mag-ipon ay nagkakalat; ito ay isang di-mababagong katotohanan na iniukit sa bato! Yaong mga hindi nagpapatotoo para sa Diyos ay mga kampon ni Satanas. Dumating ang mga ganitong tao upang gambalain at linlangin ang mga anak ng Diyos, at upang abalahin ang pamamahala Niya; dapat silang patayin! Naghahanap ng kanilang sariling pagkawasak ang lahat ng yaong nagpapakita sa kanila ng mabubuting hangarin. Dapat mong pakinggan at paniwalaan ang mga binibigkas ng Espiritu ng Diyos, lakarin ang landas ng Espiritu ng Diyos at isabuhay ang

mga salita ng Espiritu ng Diyos. Dagdag dito, dapat mong dakilain ang trono ng makapangyarihang Diyos hanggang sa katapusan ng panahon!

Hinango mula sa “Kabanata 34” ng Mga Pagbigkas ni Cristo sa Pasimula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Bagama’t ang inyong pananampalataya ay lubhang taos-puso, walang sinuman sa inyo ang may kakayahang ikuwento Ako nang buung-buo, walang sinumang makapagbigay ng buong patotoo sa lahat ng katotohanang nakikita ninyo. Pag-isipan ninyo ito: Ngayon, karamihan sa inyo ay pabaya sa inyong mga tungkulin, sa halip ay hinahangad ninyo ang laman, binibigyang-kasiyahan ang laman, at nagpapasasa sa pagpapakasaya sa laman. Kakaunti ang taglay ninyong katotohanan. Kung gayon, paano ninyo mapapatotohanan ang lahat ng nakita ninyo? Tiwala ba kayo talaga na maaari kayong maging mga saksi Ko? Kung dumating ang isang araw na hindi mo mapatotohanan ang lahat ng nakita mo ngayon, nawalan ka na ng silbi bilang isang nilalang, at mawawalan na ng anumang kahulugan ang iyong buhay. Hindi ka magiging karapat-dapat na maging tao. Masasabi pa na hindi ka magiging tao! Napakalaki ng nagawa Kong gawain sa inyo, ngunit dahil wala kang natututuhan sa kasalukuyan, wala kang kamalayan sa anuman, at hindi ka epektibo sa iyong mga pagsusumikap, kapag panahon na para palawakin Ko ang Aking gawain, tititig ka lamang sa kawalan, walang imik at lubos na walang-silbi. Hindi ka ba nito gagawing makasalanan habampanahon? Pagdating ng panahong iyon, hindi mo ba madarama ang pinakamatinding pagsisisi? Hindi ka ba malulungkot? Hindi Ko ginagawa ang lahat ng Aking gawain ngayon nang dahil sa katamaran at pagkainip, kundi upang maglatag ng isang pundasyon para sa Aking gawain sa hinaharap. Hindi naman sa wala na Akong patutunguhan at kailangan Kong makabuo ng isang bagay na bago. Dapat mong maunawaan ang gawaing ginagawa Ko; hindi ito isang bagay na ginagawa ng isang batang naglalaro sa kalye, kundi isang gawaing ginagawa bilang kinatawan ng Aking Ama. Dapat ninyong malaman na hindi Ako Mismo ang gumagawa ng lahat ng ito; sa halip, kinakatawan Ko

ang Aking Ama. Samantala, ang inyong papel ay ang sumunod nang mahigpit, tumalima, magbago, at magpatotoo. Ang dapat ninyong maunawaan ay kung bakit kayo dapat maniwala sa Akin; ito ang pinakamahalagang tanong na dapat maunawaan ng bawat isa sa inyo. Ang Aking Ama, alang-alang sa Kanyang kaluwalhatian, ay itinadhana kayong lahat para sa Akin mula sa sandaling nilikha Niya ang mundo. Para iyon sa kapakanan ng Aking gawain, at para sa kapakanan ng Kanyang kaluwalhatian, kaya Niya kayo itinadhana. Dahil sa Aking Ama kaya kayo naniniwala sa Akin; dahil sa pagtatadhana ng Aking Ama kaya ninyo Ako sinusunod. Wala sa mga ito ang nagmula sa sarili ninyong pagpapasiya. Ang mas mahalaga pa ay nauunawaan ninyo na kayo ang siyang ipinagkaloob sa Akin ng Aking Ama para magpatotoo sa Akin. Dahil ipinagkaloob Niya kayo sa Akin, dapat kayong sumunod sa mga daan na ipinagkakaloob Ko sa inyo, gayundin sa mga daan at sa mga salitang itinuturo Ko sa inyo, sapagkat tungkulin ninyong sumunod sa Aking mga daan. Ito ang orihinal na layunin ng inyong pananampalataya sa Akin. Samakatuwid, sinasabi Ko sa inyo ito: Kayo ay mga tao lamang na ipinagkaloob ng Aking Ama sa Akin upang sumunod sa Aking mga daan. Gayunman, naniniwala lamang kayo sa Akin; hindi kayo sa Akin sapagkat hindi kayo nanggaling sa pamilyang Israelita, at sa halip ay kauri kayo ng sinaunang ahas. Ang hinihiling Ko lamang na gawin ninyo ay magpatotoo para sa Akin, ngunit ngayon ay kailangan kayong lumakad sa Aking mga daan. Lahat ng ito ay para sa kapakanan ng patotoo sa hinaharap. Kung magiging mga tao lamang kayo na nakikinig sa Aking mga daan, hindi kayo magkakaroon ng halaga, at ang kabuluhan ng pagkakaloob sa inyo ng Aking Ama sa Akin ay mawawala. Ang pilit Kong sinasabi sa inyo ay ito: Dapat kayong lumakad sa Aking mga daan.

Hinango mula sa “Ano ang Pagkaunawa Mo sa Diyos?” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

97. Ang Mga Prinsipyo sa Pagpapalaganap at Pagpapatotoo sa Mga Salita ng Diyos

(1) Dapat na pagtuunan ng tao ang paghahanap sa katotohanan, pagsasagawa nito, at pagpasok sa realidad ng mga salita ng Diyos, hanggang sa puntong nagagamit na nila ang aktwal nilang karanasan upang palaganapin at patotohanan ang mga salita ng Diyos.

(2) Yaong mga naghahanap at nagsusuri ay dapat na salubungin nang may pagmamahal at pagpapasensya. Piliin at itaguyod ang mga salita ng Diyos bilang tugon sa partikular nilang mga katanungan, upang makapagpatotoo sa Kanya;

(3) Kapag may mga problema sa mga hinirang na tao ng Diyos, dapat ay lalong piliin ng tao na magbahagi tungkol sa mga naaakmang salita ng Diyos, nagagawang lutasin ang mga problemang iyon sa pamamagitan ng katotohanan at pagpasok sa realidad;

(4) Sa pagkakatuklas sa tunay na mga suliranin at praktikal na mga problema ng iyong mga kapatid, dapat mong piliin kung alin sa mga salita ng Diyos ang iyong ibabahagi at ihahatid, bilang paalala at upang ipakita ang iyong malasakit.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Sa Kapanahunan ng Kaharian, ginagamit ng Diyos ang salita upang pasimulan ang bagong kapanahunan, baguhin ang paraan ng Kanyang paggawa, at gawin ang gawain ng buong kapanahunan. Ito ang prinsipyong ginagamit ng Diyos sa paggawa sa Kapanahunan ng Salita. Siya ay naging tao para magsalita mula sa iba’t ibang pananaw, upang tunay na makita ng tao ang Diyos, na siyang Salitang nagpapakita sa katawang-tao, at mamasdan ang Kanyang karunungan at pagiging kamangha-mangha. Ang gayong gawain ay ginagawa upang mas makamit ang mga layunin ng paglupig sa tao, paggawang perpekto sa tao, at pag-aalis sa tao, na siyang tunay na kahulugan ng paggamit ng mga salita upang gumawa sa Kapanahunan ng Salita. Sa pamamagitan ng mga salitang ito, nalalaman ng tao ang gawain ng Diyos, ang disposisyon ng Diyos, ang diwa ng tao, at kung ano ang nararapat pasukin ng tao. Sa pamamagitan ng mga salita, ang kabuuan ng gawaing nais gawin ng Diyos sa Kapanahunan ng Salita ay natutupad. Sa pamamagitan ng mga salitang

ito, ang mga tao ay inilalantad, inaalis, at sinusubukan. Nakita na ng mga tao ang mga salita ng Diyos, narinig ang mga salitang ito, at kinilala ang pag-iral ng mga salitang ito. Dahil dito, naniwala na sila sa pag-iral ng Diyos, sa walang-hanggang kapangyarihan at karunungan ng Diyos, gayundin sa pagmamahal ng Diyos sa tao at sa Kanyang hangaring iligtas ang tao. Ang salitang “mga salita” ay maaaring simple at ordinaryo, ngunit ang mga salitang sinambit mula sa bibig ng Diyos na nagkatawang-tao ay niyayanig ang sansinukob, binabago ang puso ng mga tao, binabago ang kanilang mga palagay at dating disposisyon, at binabago ang dating anyo ng buong mundo. Sa pagdaan ng mga kapanahunan, tanging ang Diyos ng ngayon ang nakagawa sa ganitong paraan, at Siya lamang ang nangungusap nang gayon at pumaparito upang iligtas ang tao nang gayon. Mula sa oras na ito, namumuhay ang tao sa ilalim ng patnubay ng mga salita ng Diyos, na inaakay at tinutustusan ng Kanyang mga salita. Nabubuhay ang mga tao sa mundo ng mga salita ng Diyos, sa gitna ng mga sumpa at pagpapala ng mga salita ng Diyos, at mas marami pang taong nagsimulang mabuhay sa ilalim ng paghatol at pagkastigo ng Kanyang mga salita. Ang mga salita at gawaing ito ay para lahat sa kaligtasan ng tao, para matupad ang kalooban ng Diyos, at para mabago ang orihinal na anyo ng mundo ng dating paglikha. Nilikha ng Diyos ang mundo gamit ang mga salita, ginabayan Niya ang mga tao sa buong sansinukob gamit ang mga salita, at nilulupig at inililigtas Niya sila gamit ang mga salita. Sa huli, gagamitin Niya ang mga salita upang wakasan ang buong dating mundo, sa gayon ay makumpleto ang kabuuan ng Kanyang plano ng pamamahala. Sa buong Kapanahunan ng Kaharian, gumagamit ng mga salita ang Diyos upang gawin ang Kanyang gawain, at makamtan ang mga resulta ng Kanyang gawain. Hindi Siya gumagawa ng mga kababalaghan o nagsasagawa ng mga himala, kundi ginagawa lamang ang Kanyang gawain sa pamamagitan ng mga salita. Dahil sa mga salitang ito, napapangalagaan at natutustusan ang tao, at nagtatamo ng kaalaman at tunay na karanasan. Sa Kapanahunan ng Salita, ang tao ay lubhang napagpala. Hindi siya nagdaranas ng pisikal na sakit at nagtatamasa

lamang ng saganang panustos ng mga salita ng Diyos; nang hindi na kinakailangang pikit-matang maghanap o maglakbay, sa gitna ng kanyang kaginhawaan, nakikita niya ang pagpapakita ng Diyos, naririnig niya Siyang mangusap sa sarili Niyang bibig, tinatanggap niya yaong Kanyang ibinibigay, at personal Siyang binabantayan sa paggawa ng Kanyang gawain. Ito ang mga bagay na hindi natamasa ng mga tao noong nakaraang mga kapanahunan, at ito ay mga pagpapalang hindi nila matatanggap kailanman.

Hinango mula sa “Ang Kapanahunan ng Kaharian ay ang Kapanahunan ng Salita” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa buong sansinukob ginagawa Ko ang Aking gawain, at sa Silangan, walang humpay ang mga dagundong ng kulog, niyayanig ang lahat ng bansa at denominasyon. Ang Aking tinig ang nag-akay sa lahat ng tao sa kasalukuyan. Sinasanhi Ko na malupig ng Aking tinig ang lahat ng tao, upang madala sila sa daloy na ito, at magpasakop sa Aking harapan, sapagkat matagal Ko nang binawi ang Aking kaluwalhatian mula sa buong mundo at muli itong inilabas sa Silangan. Sino ang hindi nasasabik na makita ang Aking kaluwalhatian? Sino ang hindi sabik na naghihintay sa Aking pagbabalik? Sino ang hindi nauuhaw sa Aking muling pagpapakita? Sino ang hindi nananabik sa Aking kariktan? Sino ang hindi lalapit sa liwanag? Sino ang hindi hahanga sa kasaganaan ng Canaan? Sino ang hindi nananabik sa pagbabalik ng Manunubos? Sino ang hindi sumasamba sa Kanya na dakila ang kapangyarihan? Ang Aking tinig ay lalaganap sa buong mundo; haharapin Ko ang mga taong Aking hinirang at sasambit Ako ng iba pang mga salita sa kanila. Gaya ng malalakas na kulog na yumayanig sa mga bundok at ilog, sinasambit Ko ang Aking mga salita sa buong sansinukob at sa sangkatauhan. Kaya naman ang mga salita sa Aking bibig ay naging yaman na ng tao, at itinatangi ng lahat ng tao ang Aking mga salita. Kumikidlat mula sa Silangan hanggang sa Kanluran. Ang Aking mga salita ay ayaw isuko ng tao at kasabay nito ay hindi rin niya ito maarok, kundi mas nagagalak dito. Natutuwa at nagagalak ang lahat ng

tao, ipinagdiriwang ang Aking pagparito, na tila ba kasisilang lamang ng isang sanggol. Sa pamamagitan ng Aking tinig, dadalhin Ko ang lahat ng tao sa Aking harapan. Mula roon, pormal Akong papasok sa lahi ng mga tao para lumapit sila upang sambahin Ako. Taglay ang kaluwalhatiang nababanaag sa Akin at ang mga salita sa Aking bibig, Pahaharapin Ko ang lahat ng tao sa Akin at makikita nila na kumikidlat mula sa Silangan at na bumaba na rin Ako sa “Bundok ng mga Olibo” sa Silangan. Makikita nila na matagal na Akong nasa lupa, hindi na bilang Anak ng mga Judio kundi bilang Kidlat ng Silanganan. Sapagkat matagal na Akong nabuhay na muli, at nahiwalay sa sangkatauhan, pagkatapos ay muli Akong nagpakita nang may kaluwalhatian sa mga tao. Ako Siya na sinamba napakahabang panahon na ang nakalipas bago ngayon, at Ako rin ang sanggol na tinalikuran ng mga Israelita napakahabang panahon na ang nakalipas bago ngayon. Bukod dito, Ako ang napakamaluwalhating Makapangyarihang Diyos ng kasalukuyang panahon! Hayaang lumapit ang lahat sa Aking luklukan at makita ang Aking maluwalhating mukha, marinig ang Aking tinig, at mamasdan ang Aking mga gawa. Ito ang kabuuan ng Aking kalooban; ito ang wakas at kasukdulan ng Aking plano, gayon din ang layunin ng Aking pamamahala: ang gawin Akong sambahin ng bawat bansa, kilalanin Ako ng bawat wika, ipahingalay sa Akin ng bawat tao ang kanyang pananampalataya, at magpailalim sa Akin ang bawat tao!

Hinango mula sa “Dumadagundong ang Pitong Kulog—Nagpopropesiya na ang Ebanghelyo ng Kaharian ay Lalaganap sa Buong Sansinukob” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang pagpasok sa Kapanahunan ng Salita—ang Kapanahunan ng Milenyong Kaharian—ang gawaing isinasakatuparan ngayon. Mula ngayon, magsanay ng pagbabahagi tungkol sa mga salita ng Diyos. Tanging sa pagkain at pag-inom gayundin sa pagdanas ng mga salita ng Diyos mo maaaring isabuhay ang mga salita ng Diyos. Kailangan mong makagawa ng kaunting praktikal na karanasan upang makumbinsi ang iba. Kung hindi mo maisasabuhay ang realidad ng mga salita ng Diyos, walang mahihimok! Lahat ng kinakasangkapan ng Diyos ay maaaring isabuhay

ang realidad ng mga salita ng Diyos. Kung hindi ka makalilikha ng realidad na ito at makakapagpatotoo sa Diyos, nagpapakita ito na hindi nakagawa sa iyo ang Banal na Espiritu, at na hindi ka pa nagawang perpekto. Ito ang kahalagahan ng mga salita ng Diyos. Mayroon ka bang pusong uhaw sa mga salita ng Diyos? Yaong mga uhaw sa mga salita ng Diyos ay uhaw sa katotohanan, at ang gayong mga tao lamang ang pinagpapala ng Diyos. Sa hinaharap, marami pang salitang sasabihin ang Diyos sa lahat ng relihiyon at lahat ng denominasyon. Nagsasalita muna Siya at bumibigkas ng Kanyang tinig sa inyo upang gawin kayong ganap bago magpatuloy sa pagsasalita at pagbigkas ng Kanyang tinig sa mga Gentil upang lupigin sila. Sa pamamagitan ng Kanyang mga salita, lahat ay taos-puso at lubos na makukumbinsi. Sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos at sa Kanyang mga paghahayag, nababawasan ang tiwaling disposisyon ng tao, nagtatamo siya ng anyo ng isang tao, at nababawasan ang kanyang masuwaying disposisyon. Ang mga salita ay gumagawa sa taong may awtoridad at nilulupig ang tao sa loob ng liwanag ng Diyos. Ang gawaing ginagawa ng Diyos sa kasalukuyang kapanahunan, gayundin ang mga oras ng pagpapasiya tungkol sa Kanyang gawain, ay matatagpuang lahat sa loob ng Kanyang mga salita. Kung hindi mo babasahin ang Kanyang mga salita, wala kang mauunawaan. Sa pamamagitan ng iyong sariling pagkain at pag-inom ng Kanyang mga salita, at pakikibahagi sa iyong mga kapatid at sa iyong aktwal na mga karanasan, matatamo mo ang buong kaalaman ng mga salita ng Diyos. Saka mo lamang magagawang tunay na maisabuhay ang realidad ng mga ito.

Hinango mula sa “Ang Kapanahunan ng Kaharian ay ang Kapanahunan ng Salita” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang mga tungkulin bang ginagampanan ng bawat isa sa inyo ngayon, maging sila man ay gumagawa ng pelikula o kumakanta ng mga himno upang magpatotoo sa Diyos, ay may anumang halaga sa sangkatauhan? Saan ba nakabase ang kanilang kahalagahan? Ang kanilang kahalagahan ay nasa pag-akay sa mga tao para magbasa ng mga salita ng Diyos at

mamuhay sa tamang landas, upang maintindihan nilang lahat na sila'y kabilang sa mga nilalang at ang lahat ay humaharap sa Lumikha. Wala ba silang maraming problema na hindi nila maintindihan? Hindi ba sila nakakaramdam na para bagang wala silang magawa? Hindi ba nila nararamdaman ang kahungkagan? Hindi ba nila nararamdaman na namumuhay sila nang walang espiritwal na tulong? Hindi ba nila nararamdaman na ang buhay ay nakakapagod? Ano ang ugat ng lahat ng ito? Ang sagot ay nasa salita ng Diyos. Tinutupad ninyo ang mga tungkuling ito upang mapangyari ang bungang ito: ang gabayan ang kanilang pag-iisip, gabayan silang hanapin ang Diyos, hanapin ang tamang landas, hanapin ang Lumikha, at upang tanggapin, sundin, maintindihan, at malaman ang kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Lumikha. Tanging sa paraang ito nila maiintindihan kung bakit sila nabubuhay, kung ano ang halaga at kabuluhan ng kanilang mga buhay, at kung papaano sila dapat namumuhay. Kung gayon, kapag ginaganap ninyo ang inyong mga tungkulin, kinakailangan ninyong doblehin ang inyong pananalangin at magsikap; maging masipag at huwag maging tamad; at sama-samang makisalamuha nang mas madalas, na kumikilos ayon sa mga prinsipyo. Nang likhain ng Diyos ang sangkatauhang ito ay mayroon nang plano ng pamamahala. Sa mga nakalipas na ilang libong taon, ang sangkatauhang ito ay hindi nagpasan ng anumang mabigat na responsibilidad o tagubilin na magpatotoo sa Lumikha, at ang ginawa ng Diyos sa sangkatauhan ay di-kapansin-pansin at simple. Subalit sa mga huling araw, iba ang mga bagay-bagay—magpapasan kayo ng malaking responsibilidad! Sa anong paraan ito magiging malaki? Higit pa sa pagpapalaganap ng mga salita ng Diyos, mas mahalaga pa na kayo ay magpatotoo para sa Lumikha sa bawat nilalang na tao. Gayundin, kailangan mo ring dalhin ang bawat nilalang na tao na nakarinig sa ebanghelyo ng Diyos sa harapan ng Lumikha upang kanilang maintindihan kung bakit nilalang Niya ang sangkatauhan at na bilang isang nilalang na tao, kinakailangan nilang bumalik sa harapan ng Lumikha at tanggapin ang Kanyang kataas-taasang kapangyarihan, mga paglalagay sa tama at

pagsasaayos. Makakamit ba ninyo ito sa pamamagitan lamang ng pagsayaw o pagkanta ng isang himno? Hindi sapat ang paggawa ng isang aspeto lamang ng trabaho. Kailangan mong gumamit ng iba't ibang mga paraan at mga anyo upang magpatotoo sa mga gawain ng Lumikha at sa Kanyang kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos. Sa ganitong paraan, makakaakay ka pagkatapos ng mas marami pang tao sa harapan ng Lumikha upang maaari nilang tanggapin at sundin ang Kanyang kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos.

Hinango mula sa "Sa pamamagitan lamang ng Maayos na Pagganap sa Tungkulin ng Isang Nilalang Nagkakaroon ng Halaga ang Buhay ng Isang Tao" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Dumating na ang Milenyong Kaharian

(Isang Piniling Kabanata ng Salita ng Diyos)

Nakita na ba ninyo kung anong gawain ang magagawa ng Diyos sa pangkat na ito ng mga tao? Sinabi minsan ng Diyos, kahit na sa Milenyong Kaharian ay dapat pa ring sundin ng mga tao ang mga pagbigkas Niya pasulong, at sa hinaharap ang mga pagbigkas ng Diyos ay tuwirang gagabay sa buhay ng tao sa mabuting lupain ng Canaan. Noong nasa ilang si Moises, tuwirang nagtagubilin at nakipag-usap sa kanya ang Diyos. Mula sa langit ay nagpadala ang Diyos ng pagkain, tubig, at mana upang tamasahin ng mga tao, at ngayon ay ganito pa rin: Ang Diyos ay ang Siya Mismong nagpadala ng mga bagay na makakain at maiinom upang tamasahin ng mga tao, at Siya Mismo ang nagpadala ng mga sumpa upang kastiguhin ang mga tao. At sa gayon, bawat yugto ng Kanyang gawain ay personal na isinasakatuparan ng Diyos. Ngayon, hinahangad ng mga tao ang pangyayari ng mga katotohanan, hinahangad nila ang mga tanda at mga kababalaghan, at maaaring iwaksi ang lahat ng ganoong mga tao, dahil lalong nagiging praktikal ang gawain ng Diyos. Walang nakaaalam na bumaba ang Diyos mula sa langit, lingid din sa kaalaman nila na nagpadala ang Diyos ng pagkain at mga toniko mula sa langit—subalit talagang umiiral ang Diyos, at ang mga nakagaganyak na tagpo ng

Milenyong Kaharian na naguguni-guni ng mga tao ay siya ring mga sariling pagbigkas ng Diyos. Katotohanan ito, at ito lamang ang tinatawag na paghahari sa lupa kasama ng Diyos. Tumutukoy sa pagkakatawang-tao ang paghahari sa lupa kasama ng Diyos. Hindi umiiral sa lupa ang hindi sa pagkakatawang-tao, at sa gayon ang lahat ng yaong mga tumutuon sa pagpunta sa ikatlong langit ay ginagawa ito nang walang kabuluhan. Isang araw, kapag nagbabalik sa Diyos ang buong sansinukob, susunod sa mga pagbigkas Niya ang sentro ng gawain Niya sa buong kosmos; sa ibang dako, may ilang mga taong gagamit ng telepono, ang ilan ay sasakay sa eroplano, ang ilan ay sasakay sa bangka patawid sa dagat, at ang ilan ay gagamit ng mga sinag upang makatanggap ng mga pagbigkas ng Diyos. Magiging masintahin ang lahat, at mapanabik, mapapalapit silang lahat sa Diyos, at magtitipun-tipon tungo sa Diyos, at sasamba lahat sa Diyos—at ang lahat ng ito ay magiging ang mga gawa ng Diyos. Tandaan ito! Tiyak na hindi kailanman magsisimulang muli ang Diyos sa ibang dako. Gagawin ng Diyos ang katotohanang ito: Gagawin Niyang pumunta sa harapan Niya ang lahat ng mga tao sa buong sansinukob at sambahin ang Diyos sa lupa, at titigil ang gawain Niya sa ibang mga lugar, at mapipilitan ang mga tao na hangarin ang tunay na daan. Magiging katulad ito ni Jose: Lumapit ang lahat sa kanya para sa pagkain, at yumukod pababa sa kanya, sapagkat mayroon siyang mga bagay na makakain. Upang maiwasan ang taggutom, mapipilitan ang mga tao na hangarin ang tunay na daan. Magdurusa ng matinding taggutom ang buong relihiyosong pamayanan, at tanging ang Diyos ng ngayon ang bukal ng buhay na tubig, na nagtataglay ng walang-hanggang umaagos na bukal na inilaan para sa pagtatamasa ng tao, at darating ang mga tao at aasa sa Kanya. Iyon ang oras kung kailan mabubunyag ang mga gawa ng Diyos at luluwalhatiin ang Diyos; sasamba sa hindi kapansin-pansing “taong” ito ang lahat ng mga tao sa buong sansinukob. Hindi ba ito ang magiging araw ng luwalhati ng Diyos? Isang araw, magpapadala ng mga telegrama ang mga matatandang pastor na naghahangad ng tubig mula sa bukal ng buhay na tubig. Matatanda na sila, subalit darating pa rin sila upang sumamba sa taong ito, na minaliit nila.

Kikilalanin nila Siya sa mga bibig nila at magtitiwala sa Kanya sa mga puso nila—hindi ba ito isang tanda at isang kababalaghan? Kapag nagagalak ang buong kaharian ay magiging araw ng luwalhati ng Diyos, at kung sinuman ang darating sa inyo at tatanggap sa mabuting balita ng Diyos ay pagpapalain ng Diyos, at ang mga bansa at ang mga taong gagawin ito ay pagpapalain at aalagaan ng Diyos. Magiging ganito ang hinaharap na pangangasiwa: Yaong mga makakamit ang mga pagbigkas mula sa bibig ng Diyos ay magkakaroon ng landas na lalakaran sa lupa, at maging sila man ay mga mangangalakal o mga siyentipiko, o mga tagapagturo o mga industriyalista, mahihirapang gumawa kahit isang hakbang yaong mga walang mga salita ng Diyos, at mapipilitan silang hangarin ang tunay na daan. Ito ang ibig sabihin ng, "Kasama ang katotohanan ay lalakarin mo ang buong mundo; nang walang katotohanan, wala kang mararating." Ganito ang mga katotohanan: Gagamitin ng Diyos ang Daan (na nangangahulugang lahat ng mga salita Niya) upang atasan ang buong sansinukob at pamahalaan at lupigin ang sangkatauhan. Palaging umaasa ang mga tao sa malaking pagbabago sa mga paraan kung saan gumagawa ang Diyos. Sa malinaw na pananalita, sa pamamagitan ng mga salita pinamamahalaan ng Diyos ang mga tao, at dapat mong gawin ang sinasabi Niya nais mo man o hindi; isa itong walang-kinikilingang katotohanan, at dapat sundin ng lahat, at kaya ito rin ay walang tinag, at alam ng lahat.

Nagbibigay ang Banal na Espiritu ng isang damdamin sa mga tao. Pagkatapos basahin ang mga salita ng Diyos, sa mga puso nila nararamdaman ng mga tao na matatag at mapayapa sila, habang yaong mga hindi nakakamit ang mga salita ng Diyos ay nararamdaman ang kahungkagan. Ganito ang kapangyarihan ng mga salita ng Diyos. Dapat basahin ng mga tao ang mga iyon, at matapos nilang basahin ang mga iyon sila ay mabubusog, at hindi sila makagagawa nang wala ang mga iyon. Tulad ito ng kapag humihithit ng opyo ang mga tao: Nagbibigay ito ng lakas sa kanila, at kung wala ito ay nararamdaman nila ang makapangyarihang paghatak nito, at wala silang lakas. Ganoon ang

pagkahilig ng mga tao ngayon. Nagbibigay ng lakas sa mga tao ang pagbabasa ng mga salita ng Diyos. Kung hindi nila babasahin ang mga iyon, nakararamdam sila ng katamlayan, ngunit matapos nilang basahin ang mga iyon, agad silang bumabangon mula sa mga “kinararatayan” nila. Ito ang salita ng Diyos na gumagamit ng kapangyarihan sa lupa at ang Diyos na naghahari sa lupa. May ilang tao na nais lumisan, o napagod na sa gawain ng Diyos. Anupaman, hindi sila maaaring humiwalay mula sa mga salita ng Diyos; gaano man sila kahina, dapat pa rin silang mamuhay sa mga salita ng Diyos, at gaano man sila kamapanghimagsik, hindi pa rin sila nangangahas iwanan ang mga salita ng Diyos. Kapag tunay na ipinakikita ng mga salita ng Diyos ang lakas nila ay kapag naghahari at gumagamit ng kapangyarihan ang Diyos; ganito kung paano gumagawa ang Diyos. Ito, matapos ang lahat, ay ang mga paraan sa kung saan gumagawa ang Diyos, at walang maaaring iwan ito. Lalaganap ang mga salita ng Diyos sa hindi mabilang na mga tahanan, magiging kilala sila sa lahat, at saka lamang lalaganap ang gawain Niya sa buong sansinukob. Na ang ibig sabihin, kung ang gawain ng Diyos ay lalaganap sa buong sansinukob, dapat ipalaganap ang mga salita Niya. Sa araw ng luwalhati ng Diyos, ipakikita ng mga salita ng Diyos ang kanilang kapangyarihan at awtoridad. Magagawa at magaganap ang bawat isa sa mga salita Niya mula pa sa panahong hindi na abot ng gunita hanggang ngayon. Sa paraang ito, ang luwalhati ay mapapasa-Diyos sa lupa—na ang ibig sabihin, maghahari ang mga salita Niya sa lupa. Kakastiguhin ng mga salitang sinabi mula sa bibig ng Diyos ang lahat ng buktot, pagpapalain ng mga salitang sinabi mula sa bibig Niya ang lahat ng matuwid, at ang lahat ay itatatag at gagawing ganap ng mga salitang sinabi mula sa bibig Niya. Ni hindi Siya magpapamalas ng anumang mga tanda o mga kababalaghan; magagawa ang lahat ng mga salita Niya, at magbubunga ng mga katotohanan ang mga salita Niya. Ipagdiriwang ng lahat ng nasa lupa ang mga salita ng Diyos, maging mga nasa hustong gulang man sila o mga bata, lalaki, babae, matanda, o bata, magpapasakop sa ilalim ng mga salita ng Diyos ang lahat ng mga tao. Nagpapakita sa katawang-tao ang mga

salita ng Diyos, pinahihintulutan ang mga tao na makita ang mga ito sa lupa, matingkad at makatotohanan. Ito ang kahulugan upang magkatawang-tao ang Salita. Dumating ang Diyos sa lupa, una sa lahat, upang magawa ang katotohanan ng “nagkatawang-tao ang Salita,” na ang ibig sabihin, dumating Siya upang maibigay mula sa katawang-tao ang mga salita Niya (hindi katulad ng panahon ni Moises sa Lumang Tipan, kung kailan tuwirang lumabas ang tinig ng Diyos mula sa himpapawid). Matapos iyon, matutupad ang lahat ng mga salita Niya sa Kapanahunan ng Milenyong Kaharian, magiging mga katotohanan sila na tambad sa harap ng mga mata ng mga tao, at pagmamasdan sila ng mga tao gamit ang sarili nilang mga mata nang walang kahit bahagyang pagkakaiba-iba. Ito ang sukdulang kahulugan ng pagkakatawang-tao ng Diyos. Na ang ibig sabihin, nagagawa ang gawain ng Espiritu sa pamamagitan ng katawang-tao, at sa pamamagitan ng mga salita. Ito ang tunay na kahulugan ng “nagkatawang-tao ang Salita” at “ang pagpapakita ng Salita sa katawang-tao.” Tanging ang Diyos ang maaaring magsalita ng kalooban ng Espiritu, at tanging ang Diyos sa katawang-tao ang maaaring magsalita sa ngalan ng Espiritu; ginawang payak ang mga salita ng Diyos sa Diyos na nagkatawang-tao, at ang lahat ng iba ay ginagabayan ng mga iyon. Walang sinuman ang nakabukod, umiiral silang lahat sa loob ng saklaw na ito. Tanging mula sa mga pagbigkas na ito maaaring maging may kamalayan ang mga tao; nananaginip nang gising yaong mga hindi nagkakamit sa paraang ito kung iniisip nilang maaari nilang makamit ang mga pagbigkas mula sa langit. Ganoon ang awtoridad na ipinakikita sa katawang-tao ng Diyos, na nagdudulot sa lahat na paniwalaan ito nang may ganap na pananalig. Kahit na ang pinakakagalang-galang na mga dalubhasa at mga relihiyosong pastor ay hindi maaaring magsalita ng mga salitang ito. Dapat magpasakop silang lahat sa ilalim ng mga ito, at walang makagagawa ng isa pang simula. Gagamitin ng Diyos ang mga salita upang lupigin ang sansinukob. Gagawin Niya ito hindi sa katawang-tao Niya, kundi sa pamamagitan ng paggamit ng mga pagbigkas mula sa bibig ng Diyos na nagkatawang-tao upang lupigin ang lahat ng mga tao sa

buong sansinukob; tanging ito ang Salita na nagkatawang-tao, at tanging ito ang pagpapakita ng Salita sa katawang-tao. Marahil, sa mga tao, lumilitaw na parang hindi nakagagawa ng maraming gawain ang Diyos—ngunit kailangan lamang bigkasin ng Diyos ang mga salita Niya, at lubusan silang mapaniniwala at mapahahanga. Nang walang katotohanan, sumisigaw at humihiyaw ang mga tao; sa mga salita ng Diyos, nananahimik sila. Tiyak na magagawa ng Diyos ang katotohanang ito, sapagkat ito ang matagal nang itinatag na plano ng Diyos: magawa ang katotohanan ng pagdating ng Salita sa lupa. Talaga lamang, walang pangangailangan para magpaliwanag Ako—ang pagdating ng Milenyong Kaharian sa lupa ay ang pagdating ng mga salita ng Diyos sa lupa. Ang pagbaba ng Bagong Jerusalem mula sa langit ay ang pagdating ng mga salita ng Diyos upang mamuhay sa gitna ng tao, upang samahan ang bawat kilos ng tao at sa lahat ng mga pinakaloob na saloobin niya. Isa rin itong katotohanang magagawa ng Diyos; ito ang kagandahan ng Milenyong Kaharian. Ito ang planong itinakda ng Diyos: Magpapakita ang mga salita Niya sa lupa nang isang libong taon, at ipamamalas ng mga ito ang lahat ng mga gawa Niya, at gagawing ganap ang lahat ng gawain Niya sa lupa, na pagkatapos nito ang yugtong ito ng sangkatauhan ay darating sa katapusan.

mula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

V. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa Bawat Uri ng Tao, Pangyayari, at Bagay

98. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala Kung ang Tao ay Nagtataglay ng Gawain ng Banal na Espiritu

(1) Tingnan kung matatanggap ng tao ang paghahatol at pagkakastigo, pagtatabas at pakikiharap, at ipadaan sa mga pagsubok at pagpipino sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos; kung may kakayahan silang magkaroon ng tunay na kaalaman sa sarili; at kung tunay silang nagsisi;

(2) Tingnan kung normal ang ugnayan ng tao sa Diyos; kung iginagalang at nagpapasakop sila sa Kanya; kung tunay silang nakikipagniig sa Kanya;

(3) Tingnan kung mabisang ginagampanan ng tao ang kanilang tungkulin at kumikilos ayon sa mga prinsipyo; kung isinasagawa nila ang katotohanan; kung mayroon silang tunay na pag-ibig para sa Diyos sa kanilang puso;

(4) Tingnan kung may bagong pagkaunawa ang tao sa pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos; kung nakapagpapahayag sila ng praktikal na kaalaman ng katotohanan; at kung nagdaan sa anumang pagbabago ang kanilang mga pananaw sa mga bagay-bagay at ang kanilang disposisyon sa buhay.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang gawain ng Banal na Espiritu ay isang uri ng maagap na paggabay at positibong kaliwanagan. Hindi nito pinahihintulutan ang mga tao na maging balintiyak. Sila ay dinudulutan nito ng kaaliwan, binibigyan sila ng pananampalataya at katatagan, at binibigyang-kakayahan sila na habulin na gawing perpekto ng Diyos. Kapag gumagawa ang Banal na Espiritu, nagagawa ng mga tao na aktibong pumasok; hindi sila balintiyak o napipilitan, kundi kumikilos nang may sariling pagkukusa. Kapag ang Banal na Espiritu ay gumagawa, ang mga tao ay nagagalak at handa, nakahandang sumunod at masaya sa pagpapakumbaba. Bagama’t sila ay nasasaktan at marupok sa loob, mayroon silang katatagan na makipagtulungan, nagdurusa sila nang may kagalakan, nagagawa nilang sumunod, at sila ay walang bahid ng kalooban ng tao, walang bahid ng pag-iisip ng tao, at tiyak na walang bahid ng mga pagnanasa at mga motibo ng tao. Kapag nararanasan ng mga tao ang gawain ng Banal na Espiritu, sila ay lalo nang banal sa loob. Isinasabuhay niyaong mga nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu ang pag-ibig ng Diyos at ang pag-ibig ng kanilang mga kapatid; nagagalak sila sa mga bagay na ikinagagalak ng Diyos, at kinasusuklaman ang mga bagay na kinasusuklaman ng Diyos. Ang mga taong inaantig ng gawain ng Banal na

Espiritu ay mayroong normal na pagkatao, at patuloy silang naghahabol sa katotohanan at nagtataglay ng pagkatao. Kapag ang Banal na Espiritu ay gumagawa sa loob ng mga tao, ang kanilang kalagayan ay pabuti nang pabuti, at ang kanilang pagkatao ay lalong nagiging normal, at bagama't ang ilan sa kanilang pakikipagtulungan ay maaaring hangal, ang kanilang mga pangganyak ay tama, ang kanilang pagpasok ay positibo, hindi nila tinatangkang makagambala, at walang masamang pag-iisip sa loob nila. Ang gawain ng Banal na Espiritu ay normal at tunay, ang Banal na Espiritu ay gumagawa sa tao alinsunod sa mga tuntunin ng normal na buhay ng tao, at nagsasakatuparan Siya ng kaliwanagan at paggabay sa loob ng mga tao alinsunod sa aktwal na paghahabol ng normal na mga tao. Kapag ang Banal na Espiritu ay gumagawa sa mga tao, ginagabayan at nililiwanagan Niya sila alinsunod sa mga pangangailangan ng normal na mga tao. Nagkakaloob Siya para sa kanila ayon sa kanilang mga pangangailangan, at positibo Niyang ginagabayan at nililiwanagan sila ayon sa kung ano ang wala sa kanila, at ayon sa kanilang mga kakulangan. Ang gawain ng Banal na Espiritu ay ang liwanagan at gabayan ang mga tao sa tunay na buhay; kapag nararanasan lamang nila ang mga salita ng Diyos sa kanilang aktwal na buhay saka nila nagagawang makita ang gawain ng Banal na Espiritu. Kung, sa kanilang pang-araw-araw na mga buhay, ang mga tao ay nasa isang positibong kalagayan at mayroong normal na espirituwal na buhay, tinataglay nila ang gawain ng Banal na Espiritu. Sa gayong kalagayan, kapag kinakain nila at iniinom ang mga salita ng Diyos, mayroon silang pananampalataya; kapag sila ay nananalangin, sila ay inspirado; kapag mayroong nangyayari sa kanila, sila ay hindi balintiyak; at habang nangyayari ang mga bagay-bagay, nagagawa nilang makita ang mga aral sa mga bagay na iyon na hinihingi sa kanila ng Diyos na matutuhan. Sila ay hindi balintiyak o mahina, at bagama't mayroon silang mga tunay na paghihirap, nakahanda silang sundin ang lahat ng pagsasaayos ng Diyos.

Hinango mula sa "Ang Gawain ng Banal na Espiritu at ang Gawain ni Satanas" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kapag ang mga kalagayan ng mga tao ay normal, ang kanilang mga espirituwal na buhay at ang kanilang mga buhay sa laman ay normal, at ang kanilang katwiran ay normal at maayos. Kapag sila ay nasa ganitong kalagayan, ang kanilang nararanasan at nalalaman sa loob ng kanilang mga sarili ay masasabi sa pangkalahatan na nagmumula sa pagiging naantig ng Banal na Espiritu (ang pagkakaroon ng mga kabatiran o pagtataglay ng mababaw na kaalaman kapag kinakain at iniinom nila ang mga salita ng Diyos, o pagiging tapat sa ilang bagay, o pagkakaroon ng lakas upang ibigin ang Diyos sa ilang bagay—ang lahat ng ito ay nagmumula sa Banal na Espiritu). Ang gawain ng Banal na Espiritu sa tao ay natatanging normal; ang tao ay walang kakayahan na madama ito, at tila dumarating sa pamamagitan ng tao mismo, bagaman ito sa katunayan ay gawain ng Banal na Espiritu. Sa pang-araw-araw na buhay, ang Banal na Espiritu ay gumagawa kapwa ng malaki at ng maliit na gawain sa bawa't isa, at ang lawak lamang ng gawaing ito ang nagkakaiba. Ang ilang tao ay may mahusay na kakayahan, at nauunawaan nila ang mga bagay-bagay nang mabilis, at ang kaliwanagan ng Banal na Espiritu ay talagang matindi sa loob nila. Samantala, ang ilang tao na may mahinang kakayahan, at mas matagal bago nila maunawaan ang mga bagay-bagay, nguni't inaantig sila ng Banal na Espiritu sa loob at nagagawa rin nila na maging tapat sa Diyos—ang Banal na Espiritu ay gumagawa sa lahat ng taong naghahabol sa Diyos. Kapag, sa pang-araw-araw na buhay, hindi kinakalaban ng mga tao ang Diyos o naghihimagsik laban sa Diyos, hindi gumagawa ng mga bagay na salungat sa pamamahala ng Diyos at hindi nanghihimasok sa gawain ng Diyos, sa bawa't isa sa kanila ang Espiritu ng Diyos ay gumagawa sa mas malaki o mas maliit na saklaw; inaantig Niya sila, nililiwanagan sila, binibigyan sila ng pananampalataya, binibigyan sila ng lakas, at pinakikilos sila upang mas maagap na pumasok, hindi maging tamad o mag-imbot sa mga kasiyahan ng laman, maging handang magsagawa ng katotohanan, at nananabik para sa mga salita ng Diyos. Lahat ng ito ay gawain na nagmumula sa Banal na Espiritu.

Hinango mula sa "Ang Gawain ng Banal na Espiritu at ang Gawain ni Satanas" sa Ang Salita ay

Kapag ang Banal na Espiritu ay gumagawa upang liwanagan ang mga tao, karaniwang binibigyan Niya sila ng kaalaman sa gawain ng Diyos, at sa kanilang totoong pagpasok at totoong kalagayan. Pinahihintulutan din Niya silang maunawaan ang mga layunin ng Diyos na kailangang-kailangan na at ang Kanyang mga hinihingi sa tao ngayon, upang mayroon silang pagpapasiya na isakripisyo ang lahat para mapalugod ang Diyos, mahalin ang Diyos kahit makatagpo sila ng pag-uusig at kahirapan, at tumayong saksi para sa Diyos kahit nangangahulugan ito ng pagdanak ng kanilang dugo o pagbibigay ng kanilang buhay, at gawin iyon nang walang panghihinayang. Kung mayroon kang ganitong uri ng pagpapasiya, nangangahulugan ito na mayroon kang mga pagkapukaw at gawain ng Banal na Espiritu—nguni't dapat malaman na hindi mo taglay ang gayong mga pagkapukaw sa bawat sandali. Minsan kapag ikaw ay nananalangin sa mga pagpupulong at kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, maaaring maramdaman mo na lubhang naantig at kinasihan ka. Napakabago at sariwa sa pakiramdam kapag nagbabahagi ang iba ng kanilang karanasan at pagkaunawa sa mga salita ng Diyos, at ang iyong puso ay lubos na malinaw at maliwanag. Ito ang lahat ng gawain ng Banal na Espiritu. Kung ikaw ay isang pinuno at binibigyan ka ng Banal na Espiritu ng pambihirang kaliwanagan at pagpapalinaw kapag ikaw ay nagpupunta sa iglesia upang gumawa, binibigyan ka ng kabatiran sa mga suliraning umiiral sa loob ng iglesia, tinutulutan kang malaman kung paano magbahagi sa katotohanan para lutasin ang mga ito, ginagawa kang sobrang masigasig, responsable at seryoso sa iyong gawain, ang lahat ng ito ay gawain ng Banal na Espiritu.

Hinango mula sa "Pagsasagawa (1)" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa pagdanas sa gawain ng Diyos, nangyayari paminsan-minsan ang pagkakaroon ng gawain ng Banal na Espiritu, samantalang halos palaging mayroong presensya ng Banal na Espiritu. Hangga't normal ang katwiran at pag-iisip ng mga tao, at hangga't normal ang kanilang kalagayan,

siguradong sumasakanila ang Banal na Espiritu. Kapag hindi normal ang katwiran at pag-iisip ng mga tao, hindi normal ang kanilang pagkatao. Kung, sa sandaling ito, sumasaiyo ang gawain ng Banal na Espiritu, siguradong sumasaiyo rin ang Banal na Espiritu. Ngunit kung sumasaiyo ang Banal na Espiritu, hindi ibig sabihin ay talagang gumagawa ang Banal na Espiritu sa iyong kalooban, sapagkat gumagawa ang Banal na Espiritu sa mga espesyal na pagkakataon. Mapapanatili lamang ng pagkakaroon ng presensya ng Banal na Espiritu ang normal na pag-iral ng mga tao, ngunit gumagawa lamang ang Banal na Espiritu paminsan-minsan. Halimbawa, kung isa kang lider o manggagawa, kapag nagdidilig at nagtutustos ka para sa iglesia, liliwanagan ka ng Banal na Espiritu sa ilang salita na nagpapatatag sa iba at makakalutas sa ilan sa mga praktikal na problema ng iyong mga kapatid—sa ganitong mga pagkakataon, gumagawa ang Banal na Espiritu. Kung minsan, kapag kumakain at umiinom ka ng mga salita ng Diyos, at nililiwanagan ka ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng ilang salitang may partikular na kaugnayan sa sarili mong mga karanasan, na nagtutulot sa iyo na magtamo ng higit na kaalaman tungkol sa sarili mong mga kalagayan; gawain din ito ng Banal na Espiritu. Kung minsan, habang Ako ay nagsasalita, nakikinig kayo at nagagawa ninyong ihambing ang sarili ninyong mga kalagayan sa Aking mga salita, at kung minsan ay naaantig o nabibigyang-inspirasyon kayo; lahat ng ito ay gawain ng Banal na Espiritu. Sinasabi ng ilang tao na gumagawa sa kanila ang Banal na Espiritu sa lahat ng oras. Imposible ito. Kung sasabihin nila na palaging sumasakanila aang Banal na Espiritu, makatotohanan iyon. Kung sasabihin nila na ang kanilang pag-iisip at katinuan ay normal sa lahat ng oras, makatotohanan din iyon, at ipakikita na sumasakanila ang Banal na Espiritu. Kung sinasabi nila na palaging gumagawa ang Banal na Espiritu sa kalooban nila, na nililiwanagan sila ng Diyos at inaantig ng Banal na Espiritu sa bawat sandali, at nagtatamo ng bagong kaalaman sa lahat ng oras, talagang hindi ito normal! Lubos itong higit sa karaniwan! Walang kaduda-duda, masasamang espiritu ang gayong mga tao!

Hinango mula sa “Pagsasagawa (4)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Lahat ng mga ginagabayan ng Banal na Espiritu at naantig na ng Espiritu ng Diyos ay nagtataglay ng gawain ng Diyos, na nagpapakita na ang mga salita ng Diyos at ang pag-ibig ng Diyos ay nag-ugat na sa kalooban nila. Sinasabi ng ilang tao: “Hindi ako kasingsigasig mo sa pananalangin ko, ni ako ay masyadong inantig ng Diyos; may mga pagkakataon—kapag ako ay nagbubulay-bulay at nananalangin—nadarama ko na ang Diyos ay kaibig-ibig, at ang aking puso ay inaantig ng Diyos.” Walang higit na mahalaga kaysa sa puso ng tao. Kapag ang iyong puso ay nakabaling na sa Diyos, ang iyong buong pagkatao ay nakabaling na sa Diyos, at sa panahong iyon ang iyong puso ay naantig na ng Espiritu ng Diyos. Karamihan sa inyo ay nagkaroon na ng gayong karanasan—lamang, ang kalaliman ng inyong mga karanasan ay hindi magkakatulad. Sinasabi ng ilang tao: “Hindi ako bumibigkas ng maraming salita ng panalangin, nakikinig lamang ako sa pakikipagniig ng iba at umuusbong ang lakas sa kalooban ko.” Nagpapakita ito na naantig na ng Diyos ang kalooban mo. Ang mga tao na naantig na ng Diyos ang kalooban ay inspirado kapag naririnig nila ang pakikipagniig ng iba; kung ang puso ng isang tao ay nananatiling ganap na hindi naantig kapag nakakarinig sila ng nakakasiglang mga salita, nagpapatunay ito na ang gawain ng Banal na Espiritu ay wala sa kalooban nila. Walang kasabikan sa kalooban nila, na nagpapatunay na wala silang taglay na katatagan, at kaya sila ay walang gawain ng Banal na Espiritu. Kung ang isang tao ay naantig na ng Diyos, magkakaroon siya ng reaksyon kapag naririnig ang mga salita ng Diyos; kung hindi pa siya naantig ng Diyos, hindi pa siya nakibahagi sa mga salita ng Diyos, siya ay walang kaugnayan sa mga iyon, at wala siyang kakayahan na maliwanagan. Yaong mga nakarinig na ng mga salita ng Diyos at hindi nagkaroon ng reaksyon ay mga tao na hindi pa naantig ng Diyos—sila ay mga tao na hindi taglay ang gawain ng Banal na Espiritu. Lahat yaong nagagawang tanggapin ang bagong liwanag ay inaantig, at tinataglay ang gawain ng Banal na Espiritu.

Hinango mula sa “Alamin ang Pinakabagong Gawain ng Diyos at Sumunod sa Kanyang mga Yapak” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Maaaring nakakapagod para sa ilan ang pagbabasa ng mga salita ng Diyos, na hindi isang normal na kalagayan. Ang normal ay hindi mapagod kailanman sa pagbasa sa mga salita ng Diyos, palaging mauhaw para sa mga ito, at palaging iniisip na mabuti ang mga salita ng Diyos. Ganito kumain at uminom ng mga salita ng Diyos ang isang taong tunay na nakapasok. Kapag nadarama mo na ang mga salita ng Diyos ay masyadong praktikal at siya mismong dapat pasukin ng tao; kapag nadarama mo na napakalaking tulong at kapaki-pakinabang sa tao ang Kanyang mga salita, at na ang mga ito ang panustos sa buhay ng tao—ang Banal na Espiritu ang nagbibigay sa iyo ng damdaming ito, at ang Banal na Espiritu ang umaantig sa iyo. Pinatutunayan nito na ang Banal na Espiritu ay gumagawa sa iyo at na hindi ka pa tinalikuran ng Diyos. Ang ilang tao, na nakikita na ang Diyos ay laging nagsasalita, ay nagsasawa sa Kanyang mga salita, at iniisip na walang kahihinatnan kung basahin man nila ang mga ito o hindi—na hindi isang normal na kalagayan. Wala silang pusong nauuhaw na makapasok sa realidad, at ang gayong mga tao ay hindi nauuhaw ni nagpapahalaga na magawa silang perpekto. Tuwing nasusumpungan mo na hindi ka uhaw sa mga salita ng Diyos, nagpapakita ito na hindi normal ang iyong kalagayan. Noong araw, malalaman kung tumalikod na ang Diyos sa iyo kung payapa ang iyong kalooban at nakaranas ka ng kasiyahan. Ngayon ang mahalaga ay kung uhaw ka sa mga salita ng Diyos, kung ang Kanyang mga salita ay iyong realidad, kung ikaw ay tapat, at kung nagagawa mo ang lahat ng makakaya mo para sa Diyos. Sa madaling salita, hinahatulan ang tao sa pamamagitan ng realidad ng mga salita ng Diyos. … Dahil napakarami nang nasabi ng Diyos, dapat mong gawin ang lahat upang kainin at inumin ang Kanyang mga salita, at pagkatapos, hindi mo namamalayan, mauunawaan mo ang mga ito, at hindi mo namamalayan, liliwanagan ka ng Banal na Espiritu. Kapag nililiwanagan ng Banal na Espiritu ang tao, madalas ay lingid ito sa

kaalaman ng tao. Nililiwanagan at ginagabayan ka Niya kapag ikaw ay nauuhaw at naghahanap. Ang prinsipyo kung paano gumagawa ang Banal na Espiritu ay nakasentro sa mga salita ng Diyos na iyong kinakain at iniinom. Lahat ng hindi nagpapahalaga sa mga salita ng Diyos at palaging iba ang saloobin tungkol sa Kanyang mga salita—na naniniwala, sa kanilang magulong pag-iisip, na walang halaga kung binabasa nila ang Kanyang mga salita o hindi—ay yaong mga walang realidad. Hindi makikita ang gawain ng Banal na Espiritu ni ang kaliwanagang hatid Niya sa gayong tao. Ang mga taong katulad nito ay nagpapadala lamang sa agos, mga mapagpanggap na walang totoong mga kakayahan, tulad ni Mr. Nanguo sa talinghaga.[a]

Hinango mula sa "Ang Kapanahunan ng Kaharian ay ang Kapanahunan ng Salita" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kapag ang kalagayan ng mga tao ay hindi normal, sila ay tinatalikdan ng Banal na Espiritu; sa kanilang mga isipan sila ay malamang na magreklamo, ang kanilang mga pangganyak ay mali, sila ay tamad, nagpapasasa sila sa laman, at ang kanilang mga puso ay naghihimagsik laban sa katotohanan. Lahat ng ito ay nagmumula kay Satanas. Kapag ang mga kalagayan ng mga tao ay hindi normal, kapag sila ay madilim sa loob at naiwala na ang kanilang normal na katwiran, napabayaan na ng Banal na Espiritu, at hindi nararamdaman ang Diyos sa loob ng kanilang mga sarili, ito ay kung kailan gumagawa si Satanas sa loob nila. Kung ang mga tao ay palaging mayroong lakas sa loob nila at palaging minamahal ang Diyos, sa pangkalahatan, kapag may mga nangyayari sa kanila, ang mga iyon ay mula sa Banal na Espiritu, at sinumang makatagpo nila, ang pagtatagpo ay ang resulta ng pagsasaayos ng Diyos. Na ang ibig sabihin, kapag ikaw ay nasa isang normal na kalagayan, kapag ikaw ay nasa loob ng dakilang gawain ng Banal na Espiritu, imposible para kay Satanas na gawin kang nag-aalinlangan. Sa saligang ito, masasabi na ang lahat ay nagmumula sa Banal na Espiritu, at bagama't maaaring mayroon kang hindi tamang mga iniisip, nagagawa mong itakwil ang mga ito at hindi mo

sinusunod ang mga ito. Lahat ng ito ay nagmumula sa gawain ng Banal na Espiritu. Sa anong mga sitwasyon nanghihimasok si Satanas? Madali para kay Satanas na gumawa sa loob mo kapag ang iyong mga kalagayan ay hindi normal, kapag ikaw ay hindi pa naaantig ng Diyos at walang gawain ng Diyos, kapag ikaw ay tuyo at tigang sa loob, kapag ikaw ay nananalangin sa Diyos nguni't walang natatarok na anuman, at kapag kinakain at iniinom mo ang mga salita ng Diyos nguni't hindi naliliwanagan o napapalinaw. Sa ibang pananalita, kapag ikaw ay iniwan na ng Banal na Espiritu at hindi mo nararamdaman ang Diyos, nangyayari sa iyo ang maraming bagay na nagmumula sa tukso ni Satanas. Habang gumagawa ang Banal na Espiritu, si Satanas ay kasabay ring gumagawa. Inaantig ng Banal na Espiritu ang loob ng tao, habang kasabay na nanghihimasok si Satanas sa tao. Gayunpaman, ang gawain ng Banal na Espiritu ang nangunguna, at ang mga tao na normal ang mga kalagayan ay nakapagtatagumpay; ito ang tagumpay ng gawain ng Banal na Espiritu laban sa gawain ni Satanas. Habang gumagawa ang Banal na Espiritu, naroon pa rin ang tiwaling disposisyon sa loob ng mga tao; gayunpaman, sa panahon ng gawain ng Banal na Espiritu, madali para sa mga tao na tuklasin at kilalanin ang kanilang pagkamapanghimagsik, mga motibo, at mga karumihan. Saka pa lamang nakakaramdam ang mga tao ng pagsisisi at nagiging handang magsisi. Sa gayon, ang kanilang mapanghimagsik at tiwaling mga disposisyon ay unti-unting naitatakwil sa loob ng gawain ng Diyos. Ang gawain ng Banal na Espiritu ay natatanging normal; habang Siya ay gumagawa sa mga tao, mayroon pa rin silang mga suliranin, lumuluha pa rin sila, nagdurusa pa rin sila, mahihina pa rin sila, at marami pa rin ang hindi malinaw sa kanila, nguni't sa ganitong kalagayan nagagawa nilang pigilan ang kanilang mga sarili na dumausdos pabalik, at naiibig nila ang Diyos, at bagama't lumuluha sila at nababalisa sa loob, nagagawa pa rin nilang purihin ang Diyos; ang gawain ng Banal na Espiritu ay natatanging normal, at kahit katiting ay hindi higit sa natural. Karamihan sa mga tao ay naniniwala na, sa sandaling magsimulang gumawa ang Banal na Espiritu, ang mga pagbabago ay mangyayari sa kalagayan ng

mga tao at ang mahahalagang bagay sa kanila ay tinatanggal. Ang gayong mga paniniwala ay may kamalian. Kapag ang Banal na Espiritu ay gumagawa sa loob ng tao, ang mga balintiyak na bagay ng tao ay naroroon pa rin at ang kanyang tayog ay nananatili gaya nang dati, nguni't nakakamit niya ang pagpapalinaw at kaliwanagan ng Banal na Espiritu, at kaya ang kanyang kalagayan ay nagiging mas maagap, ang mga kalagayan sa loob niya ay nagiging normal, at nagbabago siya nang mabilis.

Hinango mula sa "Ang Gawain ng Banal na Espiritu at ang Gawain ni Satanas" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung minsan binibigyan ka ng Diyos ng isang uri ng damdamin, isang damdaming nagsasanhi na mawala ang kagalakan ng iyong kalooban at ang presensya ng Diyos, kaya nakasadlak ka sa kadiliman. Isang uri ito ng pagpipino. Tuwing may ginagawa kang anuman, lagi itong nagugulo, o hindi ka makausad. Pagdidisiplina ito ng Diyos. Kung minsan, kapag matigas ang ulo mo at sumusuway ka sa Diyos, maaaring walang ibang nakakaalam niyon—ngunit alam iyon ng Diyos. Hindi ka makakaligtas sa Kanyang parusa, at didisiplinahin ka Niya. Napakadetalyado ng gawain ng Banal na Espiritu. Buong ingat Niyang pinagmamasdan ang bawat salita at kilos ng mga tao, bawat kilos at galaw, at bawat kaisipan at ideya nila upang magkaroon ng kamalayan ang mga tao sa kanilang sarili tungkol sa mga bagay na ito. May ginawa kang minsan at naging magulo iyon, ginawa mo ulit at naging magulo ulit iyon, at unti-unti mong mauunawaan ang gawain ng Banal na Espiritu. Sa maraming beses na nadisiplina ka, malalaman mo kung ano ang gagawin upang umayon sa kalooban ng Diyos at kung ano ang hindi naaayon sa Kanyang kalooban. Sa huli, magkakaroon ka ng tumpak na mga tugon sa paggabay ng Banal na Espiritu sa iyong kalooban. Kung minsan magiging suwail ka at sasawayin ka ng Diyos sa iyong kalooban. Lahat ng ito ay nagmumula sa pagdidisiplina ng Diyos. Kung hindi mo pinahahalagahan ang salita ng Diyos, kung minamaliit mo ang Kanyang gawain, hindi ka Niya papansinin. Kapag lalo mong sineseryoso ang mga salita ng Diyos, lalo ka Niyang

liliwanagan. Ngayon mismo, may ilang tao sa iglesia na magulo at nalilito ang pananampalataya, at marami silang ginagawang di-angkop at kumikilos sila nang walang disiplina, kaya't ang gawain ng Banal na Espiritu ay hindi malinaw na nakikita sa kanila. Ang ilang tao ay iniiwanan ang kanilang mga tungkulin para kumita ng pera, lumalabas para magpatakbo ng negosyo nang hindi nadidisiplina; mas nanganganib ang gayong klaseng tao. Hindi lamang kasalukuyang wala sa kanila ang gawain ng Banal na Espiritu, kundi sa hinaharap, mahirap silang magawang perpekto. Maraming tao na hindi kinakikitaan ng gawain ng Banal na Espiritu at ng pagdidisiplina ng Diyos. Sila yaong ang kalooban ng Diyos ay hindi malinaw sa kanila at hindi nila alam ang Kanyang gawain.

Hinango mula sa "Yaong mga Gagawing Perpekto ay Kailangang Sumailalim sa Pagpipino" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung minsan, kapag nasa abnormal na mga kondisyon, nawawala sa iyo ang presensya ng Diyos, at hindi mo nadarama ang Diyos kapag nagdarasal ka. Normal ang matakot sa gayong mga pagkakataon. Dapat ay agad-agad kang magsimulang maghanap. Kung hindi, hihiwalay sa iyo ang Diyos, at mawawala sa iyo ang presensya ng Banal na Espiritu—at, higit pa riyan, ang gawain ng Banal na Espiritu—sa loob ng isang araw, dalawang araw, maging isang buwan o dalawang buwan. Sa mga sitwasyong ito, nagiging napakamanhid mo at muli kang nabibihag ni Satanas, hanggang sa makaya mo nang gawin ang kung anu-ano. Nag-iimbot ka ng kayamanan, nililinlang mo ang iyong mga kapatid, nanonood ka ng mga pelikula at video, naglalaro ka ng madyong, at naninigarilyo at umiinom ka pa ng alak nang walang disiplina. Napalayo na ang iyong puso sa Diyos, lihim kang tumahak sa iyong sariling daan, at walang-habas mong hinusgahan ang gawain ng Diyos. Sa ilang pagkakataon, nagpapakababa ang mga tao kaya wala silang nadaramang hiya o kahihiyan sa paggawa ng mga kasalanang sekswal. Ang ganitong uri ng tao ay itinakwil na ng Banal na Espiritu; sa katunayan, matagal nang wala ang gawain ng Banal na Espiritu sa gayong tao. Nakikita lamang sila na

lalong nagiging tiwali habang lalo pa silang nagiging masama. Sa huli, ikinakaila nila na nabubuhay sila sa ganitong paraan, at nabibihag sila ni Satanas habang sila ay nagkakasala. Kapag natuklasan mo na mayroon ka lamang presensya ng Banal na Espiritu, subalit wala sa iyo ang gawain ng Banal na Espiritu, mapanganib nang pumasok sa sitwasyong ito. Kung hindi mo man lang madama ang presensya ng Banal na Espiritu, nasa bingit ka na ng kamatayan. Kung hindi ka magsisisi, lubusan ka nang nakabalik kay Satanas, at mapapabilang ka sa mga inaalis. Kaya, kapag natuklasan mo na ikaw ay nasa isang kalagayan kung saan mayroon lamang presensya ng Banal na Espiritu (hindi ka nagkakasala, pinipigilan mo ang iyong sarili, at wala kang ginagawang lantarang paglaban sa Diyos) ngunit wala sa iyo ang gawain ng Banal na Espiritu (hindi ka naaantig kapag nagdarasal ka, wala kang natatamong malinaw na kaliwanagan o pagpapalinaw kapag kumakain at umiinom ka ng mga salita ng Diyos, wala kang interes sa pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, kailanma'y walang anumang paglago sa buhay mo, at matagal ka nang nawalan ng matinding pagpapalinaw)—sa gayong mga pagkakataon, kailangan mong maging mas maingat. Hindi ka dapat magpakasasa sa iyong sarili, hindi ka na dapat maging maluwag sa iyong sariling pag-uugali. Maaaring maglaho ang presensya ng Banal na Espiritu anumang oras. Ito ang dahilan kaya lubhang mapanganib ang gayong sitwasyon. Kung masusumpungan mo ang iyong sarili sa ganitong uri ng kalagayan, subukang baligtarin ang sitwasyon sa lalong madaling panahon. Una, dapat kang magdasal ng isang panalangin ng pagsisisi at hilingin mo na minsan ka pang kaawaan ng Diyos. Manalangin nang mas taimtim at payapain ang iyong puso upang higit na kumain at uminom ng mga salita ng Diyos. Sa pundasyong ito, dapat kang gumugol ng mas maraming oras sa pananalangin; pag-ibayuhin pa ang iyong mga pagsisikap sa pag-awit, pagdarasal, pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, at pagganap sa iyong tungkulin. Kapag hinang-hina ka na, napakadaling maangkin ni Satanas ang puso mo. Kapag nangyari iyon, naaagaw ang puso mo mula sa Diyos at bumabalik kay Satanas, kung saan wala sa iyo ang presensya

ng Banal na Espiritu. Sa gayong mga pagkakataon, doble ang hirap na matamong muli ang gawain ng Banal na Espiritu. Mas mainam na hangarin ang gawain ng Banal na Espiritu habang kapiling mo pa Siya, na magpapahintulot sa Diyos na ipagkaloob ang higit pa Niyang kaliwanagan sa iyo at hindi ka Niya pabayaan. Ang pagdarasal, pag-awit ng mga himno, paglilingkod sa iyong tungkulin, at pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos—lahat ng ito ay ginagawa upang mawalan ng pagkakataon si Satanas na gawin ang gawain nito, upang makagawa ang Banal na Espiritu sa iyong kalooban.

Hinango mula sa "Paano Pumasok sa Normal na Kalagayan" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Anong mga epekto ang nakakamit ng gawain ng Banal na Espiritu? Maaaring ikaw ay hangal, at maaaring hindi ka nakakahiwatig, nguni't kailangan lamang gumawa ang Banal na Espiritu para magkaroon ka ng pananampalataya, at palagi mong madarama na hindi mo maiibig nang sapat ang Diyos. Magiging handa kang makipagtulungan, gaano man katindi ang mga paghihirap na darating. Ang mga bagay-bagay ay mangyayari sa iyo at hindi magiging malinaw sa iyo kung ang mga ito ay galing sa Diyos o mula kay Satanas, nguni't magagawa mong maghintay, at hindi ka magiging balintiyak o walang-ingat. Ito ang normal na gawain ng Banal na Espiritu. Kapag ang Banal na Espiritu ay gumagawa sa loob mo, nakakaranas ka pa rin ng mga tunay na paghihirap: May mga pagkakataon na mapapaluha ka, at may mga pagkakataon na magkakaroon ng mga bagay na hindi mo kayang mapagtagumpayan, nguni't lahat ng ito ay isang yugto lamang ng karaniwang gawain ng Banal na Espiritu. Bagama't hindi mo napagtagumpayan ang mga paghihirap na iyon, at bagama't, sa panahong iyon, ikaw ay mahina at puno ng reklamo, nagawa mo pa rin pagkatapos na ibigin ang Diyos nang may lubos na pananampalataya. Hindi ka mapipigilan ng iyong pagiging balintiyak na magkaroon ng mga normal na karanasan, at anuman ang sinasabi ng ibang tao, at kung paano ka nila inaatake, nagagawa mo pa ring ibigin ang Diyos. Sa panahon ng

pananalangin, palagi mong nadarama na sa nakalipas ay masyadong malaki ang pagkakautang mo sa Diyos, at ikaw ay nagpapasya na palugurin ang Diyos at talikdan ang laman tuwing nahaharap kang muli sa gayong mga bagay. Ipinakikita ng kalakasang ito na naroroon ang gawain ng Banal na Espiritu sa loob mo. Ito ang normal na kalagayan ng gawain ng Banal na Espiritu.

Hinango mula sa “Ang Gawain ng Banal na Espiritu at ang Gawain ni Satanas” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa ngayon, may isang bahagi ng mga tao na ang mga kalagayan ay laging paganda nang paganda. Habang lalong gumagawa ang Banal na Espiritu, lalo silang nagkakaroon ng tiwala; habang lalong nadaragdagan ang kanilang karanasan, lalo nilang nadarama ang malalim na hiwaga ng gawain ng Diyos. Habang nakakapasok sila nang mas malalim, lalo silang nakakaunawa. Nadarama nila na napakadakila ng pag-ibig ng Diyos, at napapanatag at naliliwanagan ang kanilang kalooban. May pagkaunawa sila sa gawain ng Diyos. Sila ang mga taong ginagawaan ng Banal na Espiritu. Sinasabi ng ilang tao: “Bagama’t walang mga bagong salita mula sa Diyos, kailangan ko pa ring hangaring lumalim pa ang pagkaalam ko sa katotohanan, kailangan kong maging masigasig tungkol sa lahat ng bagay sa aking aktuwal na karanasan at pumasok sa realidad ng mga salita ng Diyos.” Ang ganitong uri ng tao ay nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu. Bagama’t hindi ipinakikita ng Diyos ang Kanyang mukha at nakatago Siya mula sa bawat tao, at bagama’t hindi Siya bumibigkas ni isang salita at may mga pagkakataon na dumaranas ang mga tao ng kaunting pagpipino ng kalooban, hindi pa lubusang iniwan ng Diyos ang mga tao. Kung hindi mapanatili ng isang tao ang katotohanang dapat nilang isagawa, hindi nila tataglayin ang gawain ng Banal na Espiritu.

Hinango mula sa “Dapat Mong Panatilihin ang Iyong Katapatan sa Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Masugid mang naghahangad ang mga tao ay hindi natutukoy sa pamamagitan ng kung paano sila hinahatulan ng iba o kung paano sila

tinitingnan ng mga tao sa kanilang paligid, ngunit sa pamamagitan ng kung gumagawa ang Banal na Espiritu sa kanila at kung natamo na nila ang presensya ng Banal na Espiritu. Bukod dito, nakabatay ito sa kung magbabago ba ang kanilang mga disposisyon at sa nakamit na ba nila ang anumang kaalaman sa Diyos matapos sumailalim sa gawain ng Banal na Espiritu sa loob ng isang tiyak na panahon. Kung gumagawa ang Banal na Espiritu sa isang tao, unti-unting magbabago ang disposisyon ng taong ito, at unti-unting lalagong higit na dalisay ang pananaw niya sa paniniwala sa Diyos. Gaano man katagal sinusundan ng mga tao ang Diyos, hangga't nagbago sila, nangangahulugan itong gumagawa sa kanila ang Banal na Espiritu. Kung hindi pa sila nagbago, nangangahulugan itong hindi gumagawa sa kanila ang Banal na Espiritu. Magbigay man ang mga taong ito ng ilang paglilingkod, ang nagtutulak sa kanilang gawin ito ay ang isang mithiin na magtamo ng magandang kapalaran. Hindi makakayang pumalit ng paminsan-minsang paggawa ng paglilingkod sa pagdanas sa pagbabago sa kanilang mga disposisyon. Sa huli, wawasakin pa rin sila, dahil hindi na kakailanganin sa kaharian ang mga tagapagsilbi, o hindi na rin kakailanganin para sa sinumang hindi nagbago ang disposisyon upang magbigay ng serbisyo sa mga taong nagawang perpekto na at matatapat sa Diyos.

Hinango mula sa "Papasok sa Pahinga ang Diyos at ang Tao Nang Magkasama" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Talababa:

a. Wala sa orihinal na teksto ang pariralang "sa talinghaga."

99. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa mga Kasulatan at mga Doktrina

(1) Ang mga kasulatan at mga doktrina ay produkto sa kabuuan ng pagsusuri at pagpapaliwanag ng tao sa mga salita ng Diyos. Mababababaw at hindi praktikal ang mga ito, at ibinibilang, sa kanilang kabuuan, na bahagi ng mga kuro-kuro at mga pag-iisip ng tao;

(2) Nagmumula sa mga isip at mga saloobin ng tao ang mga kasulatan at mga doktrina. Hindi ito tutumbas man lang sa kaliwanagan ng Banal na Espiritu, ni hindi kayang gumalaw at magbigay ng pakinabang sa mga tao;

(3) Hindi hihigit sa pagiging mga patakaran at mga bagay na panlabas ang mga kasulatan at mga doktrina. Walang-wala ang mga ito sa landas ng pagsasagawa at ang mga prinsipyo nito, at sa halip na inaakay ang tao tungo sa kalayaan, ikinakadena siya ng mga ito;

(4) Ang mga madalas na nangangaral sa mga kasulatan at mga doktrina ay hindi nakikilala ang kanilang mga sarili ni kaunti man lang. Hindi nila naisasagawa ang katotohanan, ni hindi man lang makakilos ayon sa mga prinsipyo.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang gawain at salita ng Diyos ay naglalayong magsanhi ng pagbabago sa inyong disposisyon; ang Kanyang mithiin ay hindi lamang basta ipaunawa o ipaalam sa inyo ang Kanyang gawain at salita. Hindi iyon sapat. Ikaw ay isang taong may kakayahang umunawa, kaya hindi ka dapat mahirapan sa pag-unawa sa salita ng Diyos, dahil karamihan sa salita ng Diyos ay nakasulat sa wika ng tao, at napakalinaw Niyang magsalita. Halimbawa, kayang-kaya mong malaman ang nais ipaunawa at ipasagawa sa inyo ng Diyos; ito ay isang bagay na dapat kayang gawin ng isang taong may kakayahang umunawa. Sa partikular, ang mga salitang sinasambit ng Diyos sa kasalukuyang yugto ay napakaliwanag at napakalinaw, at itinuturo ng Diyos ang maraming hindi pa naisaalang-alang ng mga tao, gayundin ang lahat ng uri ng kalagayan ng tao. Ang Kanyang mga salita ay para sa lahat, at kasingliwanag ng bilog na buwan. Kaya ngayon, nauunawaan ng mga tao ang maraming isyu, ngunit may kulang pa rin—ang pagsasagawa ng mga tao sa Kanyang salita. Kailangang maranasan ng mga tao ang lahat ng aspeto ng katotohanang nang detalyado, at tuklasin at hangarin ito nang mas detalyado, sa halip na basta maghintay na tanggapin kung ano ang ibigay sa kanila; kung hindi ay nagiging mga palaasa lang sila sa iba. Alam nila ang salita ng Diyos, subalit hindi nila ito isinasagawa. Ang ganitong uri ng tao ay walang

pagmamahal sa katotohanan at sa huli ay aalisin. Para maging katulad ng isang Pedro sa dekada 90, nangangahulugan ito na bawat isa sa inyo ay dapat isagawa ang salita ng Diyos, magkaroon ng tunay na pagpasok sa inyong mga karanasan at magkamit ng higit pa at mas dakilang kaliwanagan sa inyong pakikipagtulungan sa Diyos, na magdadala ng higit at higit pang tulong sa sarili ninyong buhay. Kung marami na kayong nabasa sa salita ng Diyos ngunit nauunawaan lamang ninyo ang kahulugan ng teksto at wala kayong personal na kaalaman sa salita ng Diyos sa pamamagitan ng inyong praktikal na mga karanasan, hindi mo malalaman ang salita ng Diyos. Para sa iyo, ang salita ng Diyos ay hindi buhay, kundi mga titik lamang na walang buhay. At kung ang ipamumuhay mo ay mga titik lamang na walang buhay, hindi mo mauunawaan ang diwa ng salita ng Diyos, ni mauunawaan ang Kanyang kalooban. Kapag naranasan mo na ang Kanyang salita sa iyong mga tunay na karanasan, saka lamang kusang mahahayag sa iyo ang espirituwal na kahulugan ng salita ng Diyos, at sa pamamagitan lamang ng karanasan mo mauunawaan ang espirituwal na kahulugan ng maraming katotohanan at mabubuksan ang mga hiwaga ng salita ng Diyos. Kung hindi mo ito isasagawa, gaano man kalinaw ang Kanyang salita, ang tanging naunawaan mo ay mga hungkag na titik at doktrina lamang, na naging mga tuntuning pangrelihiyon na sa iyo. Hindi ba ito ang ginawa ng mga Fariseo? Kung isinasagawa at nararanasan ninyo ang salita ng Diyos, nagiging praktikal ito sa inyo; kung hindi ninyo hinahangad isagawa ito, hihigit lang nang kaunti sa alamat ng ikatlong langit ang salita ng Diyos para sa iyo.

Hinango mula sa “Sa Sandaling Maunawaan Ninyo ang Katotohanan, Dapat Ninyo Itong Isagawa” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Matapos magkaroon ng sarili mong karanasan, maaari mo nang banggitin ang kaalamang dapat mong taglayin tungkol sa naranasan mo. Dagdag pa rito, maaari mo ring tukuyin ang pagkakaiba sa pagitan ng mga taong tunay at praktikal ang kaalaman at ng mga taong ang kaalaman ay batay sa doktrina at walang halaga. Kaya, naaayon man sa katotohanan

ang kaalamang sinasabi mo ay lubhang nakasalalay sa kung ikaw ay may praktikal na karanasan doon. Kapag may katotohanan sa iyong karanasan, magiging praktikal at mahalaga ang iyong kaalaman. Sa pamamagitan ng iyong karanasan, magtatamo ka rin ng paghiwatig at kabatiran, mapapalalim mo ang iyong kaalaman, at madaragdagan ang iyong karunungan at sentido komun tungkol sa kung paano ka dapat kumilos. Ang kaalamang ipinapahayag ng mga taong walang taglay na katotohanan ay doktrina, gaano man iyon katayog. Ang ganitong uri ng tao ay maaaring napakatalino pagdating sa mga bagay na may kinalaman sa laman ngunit hindi matukoy ang mga kaibhan pagdating sa mga espirituwal na gawain. Iyan ay dahil ang gayong mga tao ay wala ni isang karanasan man lamang sa mga espirituwal na bagay. Sila ang mga taong hindi naliliwanagan sa mga espirituwal na gawain at hindi nauunawaan ang mga espirituwal na bagay. Anumang uri ng kaalaman ang ipahayag mo, basta't tungkol iyon sa iyong pagkatao, iyon ay iyong personal na karanasan, iyong tunay na kaalaman. Ang tinatalakay ng mga taong nagsasalita lamang ng doktrina—yaong mga taong walang taglay na katotohanan ni realidad—ay maaari ding tawaging kanilang pagkatao, dahil nakarating sila sa kanilang doktrina sa pamamagitan lamang ng malalim na pagninilay-nilay at ito ang bunga ng kanilang malalim na pagbubulay-bulay. Subalit ito ay doktrina lamang, walang iba kundi imahinasyon!

Hinango mula sa "Gawain ng Diyos at Gawain ng Tao" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung hindi nagtataguyod sa katotohanan ang isang tao, hindi niya iyon mauunawaan kailanman. Masasambit mo ang mga sulat at doktrina nang sampung libong beses, ngunit mananatili pa ring mga sulat at doktrina ang mga iyon. Sinasabi lamang ng ilang tao, "Si Cristo ang katotohanan, ang daan, at ang buhay." Ulit-ulitin mo man ang mga salitang ito nang sampung libong beses, wala pa ring silbi ang mga ito; hindi mo nauunawaan ang kahulugan nito. Bakit sinasabi na si Cristo ang katotohanan, ang daan, at ang buhay? Maaari mo bang ipahayag ang kaalamang natamo mo tungkol

dito mula sa karanasan? Nakapasok ka na ba sa realidad ng katotohanan, ng daan, at ng buhay? Binigkas ng Diyos ang Kanyang mga salita upang maranasan mo ang mga ito at magtamo ka ng kaalaman; walang silbi ang isatinig lamang ang mga sulat at doktrina. Makikilala mo lamang ang iyong sarili kapag naunawaan at napasok mo na ang mga salita ng Diyos. Kung hindi mo nauunawaan ang mga salita ng Diyos, hindi mo makikilala ang iyong sarili. Makakaunawa ka lamang kapag nasa iyo ang katotohanan; kung wala ang katotohanan, hindi ka makakaunawa. Lubos mo lamang mauunawaan ang isang bagay kapag nasa iyo ang katotohanan; kung wala ang katotohanan, hindi mo mauunawaan ang isang bagay. Makikilala mo lamang ang iyong sarili kapag nasa iyo ang katotohanan; kung wala ang katotohanan, hindi mo makikilala ang iyong sarili. Magbabago lamang ang iyong disposisyon kapag nasa iyo ang katotohanan; kung wala ang katotohanan, hindi maaaring magbago ang iyong disposisyon. Pagkatapos mapasaiyo ang katotohanan, saka ka lamang makapaglilingkod alinsunod sa kalooban ng Diyos; kung wala ang katotohanan, hindi ka makapaglilingkod alinsunod sa kalooban ng Diyos. Pagkatapos mapasaiyo ang katotohanan, saka mo lamang masasamba ang Diyos; kung wala ang katotohanan, magiging isang pagganap lamang ng mga ritwal ng relihiyon ang iyong pagsamba at wala nang iba. Lahat ng bagay na ito ay nakasalalay sa pagtatamo ng katotohanan mula sa mga salita ng Diyos.

Hinango mula sa “Paano Malalaman ang Kalikasan ng Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang maunawaan lamang ang doktrina ay walang saysay; hindi ito makapagdudulot ng pagbabago sa buhay. Ang maunawaan lamang ang literal na kahulugan ng salita ng Diyos ay hindi katumbas ng pagkaunawa sa katotohanan; yaong mga mahahalagang bagay na isinasalarawan sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos ay ang katotohanan. Ang bawat pangungusap ng mga salita ng Diyos ay naglalaman ng katotohanan, ngunit maaaring hindi kinakailangan na maunawaan ito ng mga tao. Halimbawa, sinasabi ng salita ng Diyos, “Dapat kayong maging tapat na

mga tao”: Mayroong katotohanan sa pahayag na ito. “Dapat kayong maging mga tao na masunurin sa Diyos, na iniibig ang Diyos, at na naglilingkod sa Diyos.” “Dapat ninyong pagbutihin ang inyong tungkulin bilang isang tao.” Lalo pang nilalaman ng mga pahayag na ito ang katotohanan. Ang bawat pangungusap ng mga salita ng Diyos ay naglalaman ng napakaraming katotohanan, at maraming mga salita ang kinakailangan upang ipaliwanag ang diwa ng bawat pahayag ukol sa katotohanan; kapag naabot ang puntong ito saka lamang ito maituturing na isang pagkaunawa ng katotohanan. Kung nauunawaan mo ang literal na kahulugan at ipaliliwanag ang mga salita ng Diyos alinsunod sa kahulugan ng mga ito, hindi ito isang pagkaunawa sa katotohanan—ito ay pawang pakikipaglaro sa doktrina.

Hinango mula sa “Paano Lakaran Ang Landas ni Pedro” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang ilang tao’y gumagawa at nangangaral at, bagaman sa ibabaw mukhang sila’y nagbabahagi ng salita ng Diyos, ang tanging sinasalita nila ay tungkol sa literal na kahulugan ng salita ng Diyos, walang binabanggit na may nilalaman. Ang kanilang mga sermon ay parang pagtuturo mula sa isang tekstong-aklat ng wika, na nakaayos batay sa aytem, aspeto, at kapag tapos na sila umaawit ng mga papuri ang lahat, sinasabing: “Ang taong ito’y mayroong realidad. Napakahusay nilang mangaral at napaka-detalyado.” Matapos silang mangaral, sinasabihan nila ang iba na pagsama-samahin ang lahat ng ito at ipadala sa lahat. Ang kanilang pagkilos ay nagiging panlilinlang ng iba at ang tanging ipinangangaral nila ay mga kabulaanan. Sa ibabaw, mukhang salita lamang ng Diyos ang ipinangangaral nila at mukhang kaayon ito sa katotohanan. Nguni’t sa maingat na pagtalos, makikita mong walang iba kundi mga titik at doktrina at huwad na pangangatwiran kasama ng ilang guni-guni at pagkaunawa ng tao gayundin ay ilang bahagi na naglilimita sa Diyos. Hindi ba ang ganitong uri ng pangangaral ay isang paggambala sa gawain ng Diyos? Ito’y paglilingkod na sumasalungat sa Diyos.

Hinango mula sa “Sa Pamamagitan Lamang ng Paghahabol sa Katotohanan Nakakamit ng Isang Tao ang Pagbabago sa Disposisyon” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Nalihis ang pagbubuod mo sa katotohanan; matapos mong gawin ang lahat ng pagbubuod na ito, nagbunga lang ito ng mga patakaran. Ang inyong “pagbubuod ng katotohanan” ay hindi ginagawa para magtamo ang mga tao ng buhay o magkamit ng mga pagbabago sa kanilang mga disposisyon mula sa katotohanan. Sa halip, nagiging dahilan ito para magpakadalubhasa ang mga tao sa ilang kaalaman at doktrina mula sa loob ng katotohanan. Mukhang naunawaan na nila ang layunin sa likod ng gawain ng Diyos, ngunit sa katunayan kinabisa lamang nila ang ilang salita at doktrina. Hindi nila nauunawaan ang pinatutungkulang kahulugan ng katotohanan; walang pinagkaiba ito sa pag-aaral ng teolohiya o pagbabasa ng Biblia. Pinagsasama-sama mo ang mga aklat o ang mga pinag-aaralang iyon, kaya nga napapasakanila ang aspetong ito ng doktrina o ang aspetong iyon ng kaalaman. Magagaling kayong tagapagsalita ng mga doktrina—ngunit ano ang nangyayari kapag tapos na kayong magsalita? Ang mga tao ay wala namang kakayanang makaranas, wala silang pagkaunawa sa gawain ng Diyos, ni wala silang anumang pagkaunawa sa kanilang mga sarili. Sa kasukdulan, ang tanging mga nakamtan nila ay mga pormula at alituntunin, at nakapagsasalita sila tungkol sa kaunting mga bagay na ito ngunit wala nang iba pa. Kung gumawa ang Diyos ng isang bagay na bago, makakaya mo bang itugma ang lahat ng doktrinang alam mo riyan? Ang mga bagay na iyan na taglay mo ay mga tuntunin lamang at tinuturuan mo lamang ang mga tao ng teolohiya, hindi sila hinahayaang maranasan ang salita ng Diyos o ang katotohanan. Samakatuwid, ang mga aklat na iyon na pinagsasama-sama mo ay maaari lamang magdala sa iba sa teolohiya at kaalaman, sa mga pormula, at sa mga panuntunan, at kalakaran. Hindi nila madadala ang mga tao sa harapan ng Diyos, o matutulutan silang unawain ang katotohanan o ang kalooban ng Diyos. Iniisip mo na sa sunud-sunod na pagtatanong na iyon, na sinasagot mo naman, at nagsusulat ka ng mga balangkas at mga buod,

ang gayong pag-uugali ay magiging dahilan para makaunawa ang iyong mga kapatid. Iniisip mo na bukod sa madaling tandaan ang mga isyung ito ar malinaw sa isang sulyap, at ito'y magaling na paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay. Ngunit ang kanilang nauunawaan ay hindi ang tunay na pinatutungkulang kahulugan ng katotohanan at hindi tumutugma sa realidad—ang mga ito'y mga salita at doktrina lamang. Kaya mas makabubuti kung hindi mo na lamang ginawa ang mga bagay na ito. Ang paggawa nito ay pag-aakay sa mga tao sa pag-unawa at pagsaulo ng kaalaman. Dinadala mo ang iba tungo sa mga doktrina, sa relihiyon, at pinasusunod sila at pinapapaniwala sa Diyos na napapaloob sa mga relihiyosong doktrina. Hindi ba pagiging tulad lamang iyan ni Pablo? Iniisip mo na partikular na mahalaga ang pagsasaulo ng kaalaman sa katotohanan, gayon din ang pagsasapuso ng mga talata ng mga salita ng Diyos. Ngunit kung paano nauunawaan ng mga tao ang salita ng Diyos ay hindi mahalaga. Iniisip ninyo na napakahalagang maisaulo ng mga tao ang marami sa mga salita ng Diyos, masambit ang maraming doktrina, at matuklasan ang maraming pormula sa loob ng mga salita ng Diyos. Samakatuwid, lagi mong gustong gawan ng sistema ang mga bagay na ito upang ang lahat ay umaawit mula sa isang himnong papel, nagsasabi ng parehong mga bagay, at nagsasalita ng parehong mga doktrina, kaya mayroon silang parehong kaalaman at sumusunod sa parehong mga tuntunin—ito ang inyong layon. Ang paggawa ninyo nito ay mukhang para sa kapakanan ng pagtamo ng mga tao ng pagkaunawa, ngunit sa kabaligtaran wala kayong ideya na ito'y pagdadala sa mga tao sa kalagitnaan ng mga tuntunin na nasa labas ng katotohanan ng mga salita ng Diyos. Upang hayaan ang mga tao na magkaroon ng tunay na pagkaunawa sa katotohanan, dapat iugnay mo ito sa realidad at sa gawain, at lutasin ang mga praktikal na problema ayon sa katotohanan ng mga salita ng Diyos. Tanging sa paraang ito nauunawaan ng mga tao ang katotohanan at nakakapasok sa realidad, at tanging ang pagkamit ng gayong resulta ang talagang pagdadala sa mga tao sa harap ng Diyos. Kung ang lagi mo lamang sinasabi ay tungkol sa mga teoryang espirituwal,

mga doktrina, at mga tuntunin, kung nagsusumikap ka lamang sa mga literal na salita, ang makakamit mo lamang ay magawa ang mga tao na magsalita ng parehong bagay at sumunod sa mga tuntunin, nguni't hindi mo makakayang gabayan ang mga tao na unawain ang katotohanan. Lalong hindi mo makakayang tulungan na mas maunawaan ng mga tao ang kanilang mga sarili, at makamit ang pagsisisi at pagbabago.

Hinango mula sa "Kung Wala ang Katotohanan Madaling Magkasala sa Diyos" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Hindi nakikita ng ilang mga lider at manggagawa ang mga tunay na problema na mayroon sa loob ng iglesia. Habang nasa sa pagpupulong, pakiramdam nila ay walang may kabuluhang masasabi, kaya't nagpapadala lamang sila sa agos at nagsasalita ng ilang mga titik at doktrina. Lubusan ninyong batid na ang mga mababababaw na mga salitang ito ay mga doktrina, pero gayunpaman ipinangaral ninyo ang tungkol sa mga ito, at sa huli ramdam ninyong wala kayong kasigasigan, at ang mga tao sa ibaba ninyo ay nakikinig at ramdam ding masyadong nakakabagot ito—hindi ba nangyari na iyan? Kung pinipilit mo ang iyong sarili na mangaral, kung gayon sa isang banda hindi gagawa ang Banal na Espiritu, at sa kabilang banda, walang pakinabang para sa mga tao. Kung hindi mo pa nararanasan ang katotohanan nguni't gusto mo pa ring mangaral tungkol dito kung gayon, kahit ano pa ang sabihin mo, hindi ka mangangaral nang malinaw—makakapangaral ka lamang ng mga mababaw na bagay. Maaaring iniisip mo na ang mga salitang sinasabi mo ay nililiwanagan, nguni't doktrina lamang ang mga ito, hindi realidad ang mga ito, at hindi mahahawakan ng mga taong nakikinig ang mga tunay na bagay; maaaring ramdam nila na tama ang sinasabi mo habang nakikinig, nguni't pagkatapos ganap na malilimutan ito. Kung ang ipinangangaral mo ay hindi ang tunay na kalagayan, hindi mo maaantig ang mga puso ng mga tao; malilimutan nila ito kahit na gusto nilang maalaala ito, at hindi mo sila matutulungan. Kung makatatagpo ka ng isang kalagayan kung saan gusto mong mangaral pero hindi ka makapangaral tungkol sa mga bagay-bagay

nang lubusan, kung saan mayroon ka lang ilang kaalaman sa doktrina pero wala kang alam tungkol sa mga bagay na may diwa, at kung hindi mo kayang sagutin ang mga tanong na may diwa na ihinaharap, kung ayon pinakamainam na huwag mangaral paanuman. May mga panahon ding kung kailan nagsisimula kang magtalakay ng isang paksa sa isang pagtitipon, at ramdam mong medyo may sapat kang kaalaman tungkol dito, at maaaring magbahagi tungkol sa ilang tunay na bagay. Pero nang natalakay na mo ito sa isang mababaw na antas nauunawaan ito ng lahat, at wala ka nang anumang maipangaral sa isang malalim na antas. Ang mga hindi alam ng iba, maaaring hindi mo rin alam. Kaya huwag pilitin ang iyong sarili na mangaral; sa halip maaari mong hikayatin ang lahat sa pagbabahagi tungkol sa paksa. Kung sa tingin mong ito ay doktrina, walang saysay na pag-usapan ito, at hindi mabibigyan ng kaalaman ang mga tao mula rito; sa kalagayang ito, anuman ang sabihin mo, hindi gagawin ng Banal na Espiritu ang Kanyang gawain, at kung sa kabila nito ipilit mo pa rin ang iyong sarili, maaari kang makapagsalita ng mga bagay na walang katotohanan at nalilihis, at maaaring mailigaw ang mga tao.

Hinango mula sa “Alam Mo ba Kung Ano Talaga ang Katotohanan?” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang mga taong hindi nakauunawa o nagmamahal sa katotohanan ay madalas ituring ang katotohanan bilang interpretasyon, bilang teorya—at ano na ang nangyari sa kanila? Kapag may kinakaharap silang usapin, pagkaraang maniwala sa Diyos nang kung ilang taon, hindi nila makita kung ano talaga ito, o hindi nila magawangmagpasakop, o hanapin ang katotohanan; kapag nakikisalamuha ang mga tao sa kanila, sumasagot sila ng kanilang “tanyag na mga salita ng karunungan”: “Husto na—naiintindihan ko ang lahat. Nangangaral na ako bago ka pa man natutong lumakad!” Ito ang kanilang mga tanyag na salita. Kung nauunawaan nila ang lahat, bakit hindi nila ito mapanghawakan kapag nakakaharap nila ang isang usapin? Kung nauunawaan mo ito, bakit hindi mo ito maisagawa? Bakit ka natitisod sa usapin, bakit ka nababalaho dito? Nauunawaan mo ba

o hindi? Kung nauunawaan mo, bakit hindi ka makasunod? Kung nauunawaan mo, bakit hindi mo ito matanggap? Ano ang unang dapat gawin ng mga tao pagkaraan nilang maunawaan ang katotohanan? Dapat silang sumunod, at wala nang iba pa. Sinasabi ng ilang tao, “Nauunawaan ko ang lahat. Walang sinumang dapat magbahagi sa akin—hindi ko kailangan ang tulong ng sinuman.” Matatalikdan nila ang tulong ng iba, ngunit kung sila ay mahina, kahabag-habag naman na ganap na walang silbi ang dokrinang nauunawaan nila, at maaari pa silang tumigil sa pagganap sa kanilang tungkulin. Ang ilan ay ayaw na ngang maniwala sa Diyos. Ginugol nila ang mga taon na iyon sa pangangaral ng teorya ng teolohiya, ngunit isinusuko nila ang kanilang pananampalataya at kaagad umaatras. May katanyagan ba dito? (Wala.) At ang kawalan ng katanyagan ay nangangahulugan ng kawalan ng buhay. Kung may buhay ka, bakit hindi mo magawang panghawakan ito kapag nakakaharap ang maliit na usaping iyan? Hindi ba’t magaling kang magsalita? Kaya’t hala na at kumbinsihin mo ang iyong sarili; kung hindi mo man lamang makumbinsi ang iyong sarili, ano ba talaga ang nauunawaan mo? Ito ba ay ang katotohanan? Malulutas ng katotohanan ang tunay na problema ng mga tao at makakaya ring lutasin ang mga tiwaling disposisyon ng mga tao. Bakit hindi magawa ng mga nauunawaan mong “katotohanan” na lutasin man lamang ang iyong mga paghihirap? Kaya’t ano ba talaga ang iyong nauunawaan? Ito ay doktrina.

Hinango mula sa “Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (7)” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Mayroon na ba kayo ngayong daan sa paglutas sa suliranin ng pangangaral ng mga titik at mga doktrina? Upang lutasin ang problemang iyon, kailangan mong isagawa ang katotohanan; habang mas lalo mong ginagawa ito—mas pinagsisikapan mo ang katotohanan at pagsasagawa—mas kakaunti ang mga titik at mga doktrina na nariyan sa loob mo. Paano nagaganap ang realidad? Nangyayari ito sa proseso ng pagsasagawa ng katotohanan, kapag ang mga tao ay nagkakaroon ng lahat ng uri ng

karanasan, at nagbubunga ito ng lahat ng uri ng mga kalagayan. May proseso ng pagbabago sa kung paano kinakamit ng mga tao ang kanilang iba-ibang kalagayan, kung anong mga kaisipan at pananaw mayroon sila, at kung paano nila pinagsisikapan ang katotohanan upang lutasin ang mga iyon. Realidad ang prosesong ito. Kung hindi mo pagdaraanan ang proseso ng pagsasagawa at pagdanas ng mga salita ng Diyos, ngunit alam at nauunawaan lamang ang mga ito sa literal at doktrinal na antas, ang taglay mo lamang ay doktrina, dahil may pagkakaiba sa pagitan ng iyong literal na pag-unawa at iyong tuwirang karanasan. Paano lumilitaw ang doktrina? Kapag hindi nagsasagawa ang isang tao, kundi nauunanawan lamang, sinusuri, at ipinaliliwanag ang literal na kahulugan ng mga salita ng Diyos, at saka ipinangangaral ang mga ito, lumilitaw ang doktrina. Maaari bang maging realidad ang doktrina? Kung hindi mo isinasagawa ang katotohanan, hinding-hindi mo ito mauunawaan. Magiging doktrina magpakailanman ang literal na paliwanag lamang. Ngunit, kung magsasagawa ka, daranas, darama, at matututo, ang kaalaman, kaisipan, mga ideya, at karanasang ibubunga ay magiging tunay. Nakakamit ang realidad sa pamamagitan ng pagsasagawa; kung walang pagsasagawa, wala magpakailanman ang realidad. May nagsabi na bang, “Hindi ko isinasagawa ang katotohanan, pero nakapangangaral pa rin ako ng mga tunay na sermon”? Maaaring tila tama at ganap na makatotohanan sa iba ang ipinangangaral mo sa sandaling iyon, pero wala pa rin silang daan ng pagsasagawa pagkatapos. Samakatuwid, ang lahat ng nauunawaan mo ay doktrina pa rin. Kung hindi mo isinasagawa ang mga salita ng Diyos at walang tunay na karanasan o pag-unawa sa katotohanan, kapag ang isang kalagayang hindi mo pa kailanman naisaalang-alang dati ay nangyari sa ibang tao, hindi mo malalaman kung paano ito lulutasin. Kapag bihirang nagsasagawa ng katotohanan, hindi ito kailanman tunay na mauunawaan. Sa pamamagitan lamang ng pagsasagawa pa ng katotohanan nila ito tunay na mauunawaan, at doon lang nila maiintindihan ang mga prinsipyo ng pagsasagawa ng katotohanan. Kung wala kang karanasan ng katotohanan, sadyang doktrina lang ang maipangangaral mo. Sasabihan mo ang ibang

sumunod sa mga tuntunin gaya lang ng ginagawa mo. Kung walang realidad ng pagsasagawa at karanasan, hindi mo kailanman maipangangaral ang realidad. Ang pagsasagawa ng katotohanan ay hindi katulad ng pag-aaral. Ang pag-aaral ay walang iba kundi ang paglalagay ng sarili sa nakasulat na salita; ayos lang na magsulat lamang ng mga tala, magsaulo, magsuri, at magsiyasat na mabuti ng mga salita. Ang pagsasagawa ng katotohanan ay ang eksaktong kabaligtaran; kailangang umasa ang isa sa tunay na karanasan upang ito ay magbunga.

Hinango mula sa “Ang Landas sa Pagtutuwid ng Tiwaling Disposisyon” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang hinihingi ng Diyos sa mga tao ay hindi ganoon katayog. Kung maglalaan sila ng kahit na kaunting pagsisikap, sila ay makatatanggap ng isang “pasadong marka.” Ang totoo, ang pagkaunawa, pagkilala, at pagkaintindi sa katotohanan ay mas masalimuot kaysa sa pagsasagawa ng katotohanan. Ang pagkilala at pag-intindi sa katotohanan ay dumarating pagkatapos ng pagsasagawa ng katotohanan. Ito ang mga hakbang at ang kaparaanan kung paano kumikilos ang Banal na Espiritu. Paanong mo magagawang hindi sumunod? Makakamit mo ba ang gawain ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng paggawa ng mga bagay sa iyong pamamaraan? Kumikilos ba ang Banal na Espiritu ayon sa iyong kasiyahan, o batay sa iyong mga kakulangan ayon sa mga salita ng Diyos? Wala itong kabuluhan kung hindi mo ito makikita nang malinaw. Bakit ba gumugugol ang karamihan sa mga tao ng labis na pagsisikap sa pagbabasa ng mga salita ng Diyos, ngunit nagkamit lamang ng kaalaman at walang masabing anuman tungkol sa isang tunay na landas pagkatapos? Sa palagay mo, ang pagkakaroon ba ng kaalaman ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng katotohanan? Hindi ba ito isang magulong pananaw? Nagagawa mong magsabi ng kaalaman na kasingdami ng buhangin sa dalampasigan, subalit wala sa mga ito ang nagtataglay ng anumang tunay na landas. Hindi mo ba niloloko ang mga tao sa pamamagitan ng paggawa nito? Hindi ka ba gumagawa ng isang

walang kabuluhang palabas na walang anumang sumusuportang diwa? Ang lahat ng ganitong pag-uugali ay nakapipinsala sa mga tao! Kapag mas mataas ang teorya at mas walang katotohanan, mas walang kakayahan ito na dalhin ang mga tao sa realidad. Kapag mas mataas ang teorya, mas ginagawa ka nitong masuwayin at salungat sa Diyos. Huwag mong ituring ang pinakamatatayog na teorya bilang mahalagang kayamanan. Sila ay mapaminsala at walang silbi! Marahil may ilang tao na kayang makapagsabi ng pinakamatatayog na mga teorya—ngunit ang mga ito ay hindi naglalaman ng realidad, sapagkat ang mga taong ito ay hindi personal na nakaranas sa kanila, at dahil dito, wala silang landas para sa pagsasagawa. Ang mga ganitong tao ay walang kakayahang dalhin ang iba sa tamang daan, at ililigaw lamang sila. Hindi ba ito nakapipinsala sa mga tao? Kahit man lamang ikaw, dapat mong makayanang lutasin ang kasalukuyang suliranin ng mga tao at hayaan silang makapasok; ito lamang ang maituturing na dedikasyon, at saka ka lamang magiging angkop para manilbihan sa Diyos. Huwag palaging mangusap ng mararangya at mabulaklak na mga salita, at huwag gumamit ng isang pangkat ng mga hindi angkop na kasanayan upang pilitin ang iba na sundin ka. Ang pagsasagawa nito ay walang epekto at makadaragdag lamang sa kanilang pagkalito. Ang pagpapatuloy nito ay bubuo lamang ng maraming doktrina na magiging sanhi lamang upang kasuklaman ka ng mga tao. Ganito ang pagkukulang ng tao, at ito ay tunay na kahiya-hiya. Dahil dito, mas pag-usapan ang mga suliranin na tunay na umiiral. Huwag ituring ang mga karanasan ng mga tao bilang iyong personal na pag-aari at ipakita ang mga ito upang hangaan ng iba. Dapat mong hanapin ang iyong sariling daan palabas. Ito ang dapat isagawa ng bawat tao.

Hinango mula sa “Magtuon ng Higit na Pansin sa Realidad” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

100. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala Kung Nagtataglay ng Katotohanang Realidad ang Tao

(1) Tingnan kung nagagawa ng taong pagdili-dilihan ang sarili kapag

nagbabasa ng mga salita ng Diyos, may kakayahang matuklasan kung paanong nabubunyag ang kanilang katiwalian sa buhay, at nakikilala ang kanilang mga sarili at tunay na nagsisisi;

(2) Tingnan kung natatamo ng tao ang katotohanan sa pagganap ng kanilang tungkulin, nagagamit ito upang lutasin ang mga suliranin, napakikitunguhan ng patas ang iba, at napakikitunguhan ang mga kapatid ng may pag-ibig;

(3) Tingnan kung natatanggap ng tao ang paghatol at pagkastigo ng mga salita ng Diyos, gayundin ang pagtatabas at pakikiharap ng mga ito nang sa gayon ay nadadalisay ang kanilang katiwalian, at naipapahayag ang tunay na patotoo mula sa kanilang karanasan;

(4) Tingnan kung nagkaroon ng anumang tunay na pagbabago sa kanilang mga pananaw sa mga bagay, pagtanaw sa buhay, at mga kaugalian; kung tinitingnan nila ang mga bagay-bagay sa liwanag ng mga salita ng Diyos; at kung tapat sila sa parehong salita at gawa.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang Diyos ay isang praktikal na Diyos: Lahat ng Kanyang gawain ay praktikal, lahat ng salitang binibigkas Niya ay praktikal, at lahat ng katotohanang ipinahahayag Niya ay praktikal. Wala sa Kanyang mga salita ang hungkag, hindi umiiral, at hindi makatwiran. Ngayon, nariyan ang Banal na Espiritu para gabayan ang mga tao sa mga salita ng Diyos. Kung hahangarin ng mga tao ang makapasok sa realidad, kung gayon ay dapat nilang hanapin ang realidad, at kilalanin ang realidad, at pagkatapos ay dapat nilang maranasan ang realidad, at isabuhay ang realidad. Kapag mas nakikilala ng mga tao ang realidad, mas nakikilala nila kung tunay ang mga salita ng iba; kapag mas nakikilala ng mga tao ang realidad, nagiging mas kaunti ang kanilang mga haka-haka; kapag mas nararanasan ng mga tao ang realidad, mas nalalaman nila ang mga gawain ng Diyos ng realidad, at nagiging mas madali para sa kanilang kumalas mula sa kanilang mga tiwali at satanikong disposisyon; kapag mas mayroong realidad ang mga tao, mas nakikilala nila ang Diyos at mas kinamumuhian nila ang laman at minamahal ang katotohanan; at kapag mas mayroong

realidad ang mga tao, mas malapit na nilang maabot ang mga pamantayan ng mga hinihingi ng Diyos. Ang mga taong nakamit ng Diyos ay nagtataglay ng realidad, nakakakilala ng realidad, at nakakakilala sa mga tunay na gawain ng Diyos sa pamamagitan ng pagdanas ng realidad. Kapag mas nakikipagtulungan ka sa Diyos sa praktikal na paraan at dinidisiplina ang iyong katawan, mas matatamo mo ang gawain ng Banal na Espiritu, mas matatamo mo ang realidad, at mas maliliwanagan ka ng Diyos, at sa ganitong paraan, mas lalaki ang iyong kaalaman sa tunay na mga gawain ng Diyos. Kung nakakapamuhay ka sa kasalukuyang liwanag ng Banal na Espiritu, kung gayon ay mas magiging mas malinaw sa iyo ang kasalukuyang landas tungo sa pagsasagawa, at mas makakaya mong ihiwalay ang iyong sarili mula sa mga haka-haka sa relihiyon at lumang gawi ng nakaraan. Ngayon, ang realidad ang pinagtutuunan: Kapag mas mayroong realidad ang mga tao, nagiging mas malinaw ang kanilang kaalaman sa katotohanan, at mas lumalaki ang kanilang pagkaunawa sa kalooban ng Diyos. Napapangibabawan ng realidad ang lahat ng titik at mga doktrina, napapangibabawan nito ang lahat ng teorya at kasanayan, at kapag mas pinagtutuunan ng mga tao ang realidad, mas tunay silang umiibig Diyos, at nagugutom at nauuhaw sa Kanyang mga salita. Kung lagi kang nakatuon sa realidad, ang iyong pilosopiya sa buhay, mga haka-haka sa relihiyon, at likas na katangian ay natural lamang na mabubura kasunod ng gawain ng Diyos. Ang mga hindi naghahangad ng realidad, at walang kaalaman sa realidad, ay malamang na maghahangad ng kababalaghan at madali silang malilinlang. Walang epekto ang Banal na Espiritu sa ganitong mga tao, kung kaya't nakakaramdam sila ng kahungkagan, at na walang kahulugan ang kanilang mga buhay.

Hinango mula sa "Paano Makikilala ang Realidad" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang suportahan ang mga salita ng Diyos at magawang ipaliwanag ang mga ito nang hindi nahihiya ay hindi nangangahulugan na taglay mo ang realidad; ang mga bagay ay hindi kasing-simple ng iyong iniisip. Kung

nagtataglay ka ng realidad ay hindi nababatay sa kung ano ang iyong sinasabi; sa halip, nababatay ito sa iyong isinasabuhay. Kapag naging buhay at likas na pagpapahayag mo ang mga salita ng Diyos, saka lamang masasabi na taglay mo ang realidad, at saka ka lamang maituturing na nagkamit ng tunay na pagkaunawa at totoong tayog. Kailangan mong matagalan ang pagsusuri sa loob ng mahabang panahon, at kailangan mong maisabuhay ang wangis na kinakailangan ng Diyos. Hindi ito dapat maging pakitang-tao lamang; kailangan itong likas na dumaloy mula sa iyo. Saka ka lamang tunay na magtataglay ng realidad, at saka ka lamang magkakamit ng buhay. Hayaan mong gumamit Ako ng halimbawa ng pagsubok sa mga tagasilbi na pamilyar sa lahat: Maaaring ialok ng sinuman ang pinakamatatayog na teorya tungkol sa mga tagasilbi, at lahat ay may maayos na pagkaunawa tungkol sa paksa; pinag-uusapan nila iyon at bawat pananalita ay mas magaling kaysa sa huli, na para bang isang paligsahan iyon. Gayunman, kung hindi pa sumailalim ang tao sa isang malaking pagsubok, napakahirap sabihin na may maibabahagi siyang magandang patotoo. Sa madaling salita, kulang na kulang pa rin ang pagsasabuhay ng tao, lubos na salungat sa kanyang pagkaunawa. Kung gayon, kailangan pa itong maging totoong tayog ng tao, at hindi pa ito buhay ng tao. Dahil hindi pa nadadala sa realidad ang pagkaunawa ng tao, para pa ring kastilyong itinayo sa buhangin ang kanyang tayog, na umuuga at nasa bingit ng pagguho. Lubhang kakaunti ang taglay na realidad ng tao; halos imposibleng makahanap ng anumang realidad sa tao. Lubhang kakaunti ang realidad na likas na dumadaloy mula sa tao, at lahat ng realidad na isinasabuhay nila ay sapilitan. Iyan ang dahilan kaya Ko sinasabi na walang taglay na realidad ang tao. Bagama’t sinasabi ng mga tao na hindi nagbabago ang kanilang pagmamahal sa Diyos kailanman, ito lamang ang sinasabi nila bago sila naharap sa anumang mga pagsubok. Balang araw, kapag bigla silang naharap sa mga pagsubok, muling hindi aayon sa realidad ang mga bagay na sinasabi nila, at minsan pa itong magpapatunay na walang taglay na realidad ang tao. Masasabi na tuwing nahaharap ka sa mga bagay na hindi akma sa iyong mga pagkaintindi at

na kinakailangang isantabi mo ang iyong sarili, ang mga bagay na iyon ang mga pagsubok sa iyo. Bago mahayag ang kalooban ng Diyos, lahat ay nagdaraan sa isang mahigpit na pagsusuri at napakalaking pagsubok. Naaarok mo ba ito? Kapag gusto ng Diyos na subukin ang mga tao, palagi Niya silang hinahayaang pumili bago ibunyag ang aktwal na katotohanan. Ibig sabihin, kapag isinasailalim ng Diyos ang tao sa mga pagsubok, hindi Niya kailanman sasabihin sa iyo ang katotohanan; sa ganyang paraan inilalantad ang mga tao. Isang paraan ito ng pagsasagawa ng Diyos ng Kanyang gawain, upang makita kung kilala mo ang Diyos ngayon, at kung nagtataglay ka ng anumang realidad. Talaga bang wala kang mga pagdududa tungkol sa gawain ng Diyos? Magagawa mo bang tunay na manindigan kapag dumating sa iyo ang isang matinding pagsubok? Sino ang nangangahas na magsabing, “Ginagarantiyahan ko na walang magiging mga problema”? Sino ang nangangahas na igiit na, “Maaaring may mga pagdududa ang iba, pero hindi ako kailanman”? Kagaya lamang noong isailalim si Pedro sa mga pagsubok: Palagi siyang nagyayabang bago nahayag ang katotohanan. Hindi natatangi kay Pedro ang personal na kapintasang ito; ito ang pinakamalaking hirap na kasalukuyang kinakaharap ng bawat tao. Kung bibisitahin Ko ang ilang lugar o ang ilang kapatid upang tingnan kung ano ang inyong pagkaunawa sa gawain ng Diyos ngayon, tiyak na marami kayong masasabi tungkol sa inyong kaalaman, at magmumukhang wala kayong anumang pagdududa. Kung tatanungin Ko kayo, “Maaari mo ba talagang matukoy na ang gawain ngayon ay isinasagawa ng Diyos Mismo? Nang walang anumang pagdududa?” tiyak na isasagot mong, “Walang anumang pagdududa, ito ang gawaing isinasagawa ng Espiritu ng Diyos.” Kapag nakasagot ka na sa gayong paraan, tiyak na hindi ka makararamdam ni katiting na pagdududa, at baka nga medyo masiyahan ka pa, na iniisip na nagkamit ka na ng kaunting realidad. Yaong mga malamang na makaunawa sa mga bagay-bagay sa ganitong paraan ay mga taong nagtataglay ng kaunting realidad; habang lalong iniisip ng isa na nakamit na niya ito, lalong hindi niya magagawang manindigan kapag naharap siya sa mga pagsubok. Kaawa-

awa ang mayayabang at hambog, at kaawa-awa ang mga hindi nakakakilala sa kanilang sarili; ang gayong mga tao ay magaling magsalita, subalit pinaka-hindi magawa ang sinasabi nila. Sa pinakamaliit na tanda ng problema, nagsisimulang magkaroon ng mga pagdududa ang mga taong ito, at sumasagi sa kanilang isipan ang pagsuko. Wala silang taglay na anumang realidad; ang tanging mayroon sila ay mga teorya na mas matayog pa sa relihiyon, na walang anuman sa realidad na kinakailangan ngayon ng Diyos. Ang labis Kong kinaiinisan ay yaong mga bumabanggit lamang ng mga teorya nang anumang taglay na realidad. Sila ang pinakamalakas sumigaw kapag nagsasagawa ng kanilang gawain, ngunit kapag naharap sila sa realidad, nababagabag sila. Hindi ba ito nagpapakita na walang realidad ang mga taong ito? Gaano man kabagsik ang hangin at mga alon, kung maaari kang manatiling nakatayo nang wala ni katiting na pagdududang pumapasok sa iyong isipan, at maaari kang manindigan at manatiling malaya sa pagtanggi, kahit wala nang iba pang natitira, ituturing kang mayroong totoong pagkaunawa at tunay na nagtataglay ng realidad.

Hinango mula sa “Pagsasagawa Lamang ng Katotohanan ang Pagtataglay ng Realidad” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Hindi lamang kakayahang magsalita tungkol sa realidad ang kinakailangan ng Diyos sa mga tao; napakadali sana niyan, hindi ba? Kung gayon, bakit binabanggit ng Diyos ang pagpasok sa buhay? Bakit Siya nagsasalita tungkol sa pagbabago? Kung ang kaya lamang ng mga tao ay hungkag na pananalita tungkol sa realidad, magkakamit ba sila ng pagbabago sa kanilang disposisyon? Ang mabubuting kawal ng kaharian ay hindi sinanay na maging isang grupo ng mga tao na kaya lamang magsalita tungkol sa realidad o magyabang; sa halip, sinanay silang isabuhay ang mga salita ng Diyos sa lahat ng oras, manatiling hindi sumusuko anumang mga dagok ang kinakaharap nila, at patuloy na mamuhay alinsunod sa mga salita ng Diyos at huwag bumalik sa mundo. Ito ang realidad na sinasabi ng Diyos; ito ang kinakailangan ng Diyos sa tao. Sa gayon, huwag isiping napakadali ng realidad na binabanggit ng

Diyos. Ang kaliwanagan lamang mula sa Banal na Espiritu ay hindi kapantay ng pagtataglay ng realidad. Hindi gayon ang tayog ng tao—ito ang biyaya ng Diyos, kung saan walang iniaambag ang tao. Bawat tao ay kailangang tiisin ang mga pagdurusa ni Pedro, at, higit pa rito, taglayin ang kaluwalhatian ni Pedro, na kanilang isinasabuhay matapos nilang matamo ang gawain ng Diyos. Ito lamang ang matatawag na realidad. Huwag isipin na taglay mo ang realidad dahil lamang sa kaya mong magsalita tungkol dito; maling akala iyan. Ang gayong mga saloobin ay hindi naaayon sa kalooban ng Diyos at walang tunay na kabuluhan. Huwag mong sabihin ang gayong mga bagay sa hinaharap—pawiin ang gayong mga kasabihan! Lahat ng may maling pagkaunawa sa mga salita ng Diyos ay mga walang pananampalataya. Wala silang anumang tunay na kaalaman, lalo nang walang anumang totoong tayog; sila ay mga mangmang na walang realidad. Sa madaling salita, lahat ng nabubuhay sa labas ng diwa ng mga salita ng Diyos ay mga walang pananampalataya. Yaong mga itinuturing ng mga tao na walang pananampalataya ay mga hayop sa mga mata ng Diyos, at yaong mga itinuturing ng Diyos na mga walang pananampalataya ay mga taong walang mga salita ng Diyos bilang kanilang buhay. Kung gayon ay masasabi na yaong mga hindi nagtataglay ng realidad ng mga salita ng Diyos at bigong isabuhay ang Kanyang mga salita ay mga walang pananampalataya. Ang layunin ng Diyos ay ipasabuhay sa lahat ang realidad ng Kanyang mga salita—hindi lamang basta mapagsalita ang lahat tungkol sa realidad, kundi, higit pa riyan, bigyang kakayahan ang lahat na isabuhay ang realidad ng Kanyang mga salita.

Hinango mula sa “Pagsasagawa Lamang ng Katotohanan ang Pagtataglay ng Realidad” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Tandaan ito mula ngayon! Huwag magsalita tungkol sa hungkag na kaalaman; magsalita lamang tungkol sa landas ng pagsasagawa at tungkol sa realidad. Ang paglipat mula sa tunay na kaalaman tungo sa tunay na pagsasagawa, at pagkatapos ay paglipat mula sa pagsasagawa tungo sa tunay na pagsasabuhay. Huwag pangaralan ang iba, at huwag magsalita

tungkol sa tunay na kaalaman. Kung ang iyong pagkaunawa ay isang landas, malaya kayong magsalita tungkol doon; kung hindi, mangyaring itikom mo ang bibig mo at tumigil ka sa pagsasalita! Walang silbi ang sinasabi mo. Binabanggit mo ang pag-unawa upang linlangin ang Diyos at inggitin ang iba. Hindi ba iyon ang ambisyon mo? Hindi ba sadya mong pinaglalaruan ang iba? Mayroon bang anumang halaga ito? Kung nagsasalita ka tungkol sa pag-unawa pagkatapos mo iyong maranasan, hindi nila iisipin na nagyayabang ka. Kung hindi, isa kang taong nagbubuga ng mga salita ng pagyayabang. Maraming bagay sa iyong totoong karanasan na hindi mo madaig, at hindi ka maaaring maghimagsik laban sa sarili mong laman; palagi mong ginagawa ang gusto mo, hindi mo pinalulugod kailanman ang kalooban ng Diyos—subalit malakas pa rin ang loob mong magsalita tungkol sa teoretikal na pag-unawa. Wala kang kahihiyan! Ang tapang mo pa ring magsalita tungkol sa iyong pagkaunawa sa mga salita ng Diyos. Wala kang pakundangan! Ang pagdidiskurso at pagyayabang ay naging likas na sa iyo, at nakasanayan mo nang gawin iyon. Tuwing nanaisin mong magsalita, ginagawa mo iyon nang madali, ngunit pagdating sa pagsasagawa, ang dami mong sinasabi. Hindi ba ito isang paraan ng panloloko sa iba? Maaari mong malinlang ang mga tao, ngunit hindi malilinlang ang Diyos. Ang mga tao ay walang kamalayan at walang pagkahiwatig, ngunit seryoso ang Diyos tungkol sa gayong mga bagay, at hindi ka Niya palalampasin. Maaaring mamagitan ang iyong mga kapatid para sa iyo, pupurihin nila ang iyong pagkaunawa at hahangaan ka, ngunit kung wala kang realidad, hindi ka palalampasin ng Banal na Espiritu. Marahil ay hindi ka hahanapan ng mali ng praktikal na Diyos, ngunit hindi ka papansinin ng Espiritu ng Diyos, at sapat ang hirap niyon para pasanin mo. Naniniwala ka ba rito? Magsalita ka pa tungkol sa realidad ng pagsasagawa; nalimutan mo na ba? Magsalita ka pa tungkol sa praktikal na mga landas; nalimutan mo na ba? “Huwag gaanong magsalita tungkol sa matatayog na teorya at walang-halaga at pinalaking usapan; ang pinakamabuting gawin ay magsimulang magsagawa mula ngayon.” Nalimutan mo na ba ang mga salitang ito? Ni hindi mo man lamang ba

nauunawaan? Wala ka bang pag-unawa tungkol sa kalooban ng Diyos?

Hinango mula sa “Pagsasagawa Lamang ng Katotohanan ang Pagtataglay ng Realidad” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Paano makikita kung taglay ng isang tao ang katotohanang realidad? Malinaw ito mula sa sandaling ibuka nila ang kanilang bibig upang magsalita. Ang taong walang katotohanang realidad ay nagsasalitang ganap ng doktrina, anuman ang paksa; sa isang sulyap lamang, malalamang hindi nila kadalasang isinasagawa ang katotohanan. Sa sandaling makasalamuha mo ang isang may katotohanang realidad, maaaring malutas agad ng kanilang pagsasalamuha ang mga suliraning bumabagabag sa iyo. Sa ilang mga salita lamang, inilalantad nila ang mga suliraning gumugulo sa iyo sa loob ng maraming taon, mga suliraning walang ibang nakapaglinaw sa pamamagitan ng pangangaral ng doktrina, at ipinauunawa nila sa iyo ang katotohanan at kalooban ng Diyos. Hindi ka na nababagabag, at hindi mo na nararamdaman ang pagkagapos; hindi ka na pinipigilan, bagkus ay malaya at napakawalan. Kaya ang sinasabi ng mga taong iyon ay katotohanang realidad, hindi ba? Kung hindi mo nauunawaan ang kanilang mga salita anuman ang sinasabi nila, at kung hindi nalulutas ng sinasabi nila ang pinakaugat ng iyong suliranin, kung gayon ay mga titik at doktrina lamang ang sinasabi nila sa iyo. Hindi makapagbibigay sa mga tao o makatutulong sa kanila ang mga titik at doktrina, at hindi makalulutas ang mga ito ng mga praktikal na paghihirap ng mga tao.

Hinango mula sa Pagbabahagi ng Diyos

Gaano man karaming taon na nanampalataya ang mga tao, hindi nila nakakamit kailanman ang pagkaunawa sa kung ano ang mabuti tungkol sa paniniwala sa Diyos. Hindi nila madama ang mga konkretong pakinabang na maaari nilang makamit mula sa pagkakaroon ng pananampalataya, at madalas pa ngang katulad din ng mga hindi mananampalataya, ay hindi nila makayang talunin ang mga kalakaran ng mundo, o ang iba’t ibang tukso at pang-aakit nito, o ang katanyagan at pakinabang ng laman.

Nakadarama pa nga sila ng ganap na kahungkagan, at ang pakiramdam na ito ay pana-panahong lumilitaw at lalo't lalong nahahantad. Higit at higit silang napapaisip, "Walang anumang kahulugan ang paniniwala sa Diyos, hindi ba? Kung umabot na sa ganitong antas ang aking paniniwala, hindi ba't dapat na ako'y malapit na roon? Sa palagay ko ay ganito na lamang talaga, at hindi masasabi kung ako ay maliligtas." Ano ang ipinahihiwatig nito? (Hindi nauunawaan ang katotohanan, at hindi pa nakapapasok sa realidad ng katotohanan.) Iyan na nga mismo; hindi pa sila nakapasok sa realidad ng katotohanan. Ibig sabihin, hindi nauunawaan ng mga tao ang alinman sa mga katotohanang iyon na kailangan nilang maunawaan na iginawad at ipinagkaloob sa kanila ng Diyos. Bakit hindi pa nila nauunawaan? Ito ay dahil hindi pa nila tinatanggap ang mga salita ng Diyos bilang mga prinsipyo at landas sa pagsasagawa na ipatutupad sa kanilang mga pang-araw-araw na buhay at gagawing sarili nilang realidad. Wala sa kanilang ginagawa, kung paano sila namumuhay, kung paano sila umiiral, o kung paano sila nakikitungo sa mga tao, pangyayari, at bagay ang nakabatay sa mga salita ng Diyos. Hindi mo pa nararanasan o natututuhan sa pamamagitan ng pagsasagawa ang alinman sa mga salitang ito ng Diyos, at hindi mo pa personal na nararanasan, o nalalaman kung ano ang tunay na kahulugan ng Kanyang mga salita. Dahil dito, inilalantad ng Diyos ang mundo at inilalantad ang katiwalian ng mga tao at ibinubunyag ang iba't ibang kalagayan ng bawat uri ng tao, ibinubunyag ang mismong kalikasan ng bawat uri ng tao, pangyayari, o bagay na nakakaharap mo sa mundo kapag ito'y iyong nasusumpungan, subalit hindi mo maarok ang diwa ng mga ito. Sapagkat hindi mo pa naranasan o napasok ang mga iyon, hindi mo kailanman maaarok ang mga iyon. Sa turing, naniwala ka na sa Diyos sa loob ng maraming taon, subalit ikaw ay ikaw pa rin; hindi ka pa nagbago kahit papaano. Ibig sabihin, pagdating sa kaibuturan ng iyong puso, at sa iyong kalikasan at diwa, wala pa rin ni bahagya man lamang na pagbabago sa iyong tiwaling disposisyon, kaya't mula simula hanggang wakas, hindi mo mabitiwan ang mundo, ang sangkatauhan, si Satanas, ang mga kalakaran, at ang katanyagan at

pakinabang, dahil hindi mo nakikita kung ano talaga ang mga ito. Kaya't lagi mong nararamdaman ang pagiging hungkag at walang sigla, at wala kang tiwala; higit pa rito, hindi mo kayang magkaroon ng tunay na pananampalataya sa Diyos.

Hinango mula sa "Tanging sa Paghahanap ng Katotohanan Magagawa ng Isang Tao na Makapasok sa Realidad Nito" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Anong mga pagpapakita ang ipinamamalas ng mga taong walang katotohanang buhay? Kung wala ang katotohanan, natural na sasailalim sila sa mga hadlang at gapos ng kanilang satanikong kalikasan; natural na ihahayag nila ang isang disposisyong mapagmataas at mayabang, makasarili at kasuklam-suklam, padalos-dalos at matigas ang ulo, at malamang na magpasya at kumilos nang mag-isa. Magsisinungaling at manloloko ang mga ganitong tao, manlilinlang at mandaraya, at madaling makaramdam ng hinala sa iba, at pag-atake at paghatol sa iba; palagi nilang susuriin ang iba sa pamamagitan ng salamin ng kanilang mga pagkiling at layunin. Laging aasa ang ganitong mga tao sa kanilang mga sariling kagustuhan sa salita at sa gawa, at kapag humaharap sa mga dagok o pagkabigo, sila ay nagiging negatibo. May mga panahong nagiging labis silang mapagmataas, at may panahong mahuhulog sila sa gayong pagiging negatibo na para bang naghukay sila ng butas sa lupa. Hanggang sukdulan ang gagawin ng mga taong ito, at hindi kailanman normal. Kapag hindi nila inilalantad ang kanilang mga pangil, isinusuot nila ang mga mata ng tuta. Ito ang uri ng kalagayan na inyong kinaroroonan sa kasalukuyan: Handa kayong magdusa at magbayad; ganap ang inyong kapasiyahan at pagpupunyagi—ngunit hindi pa napapasainyo ang katotohanang realidad. Paano nagpapahayag ng kanilang mga sarili ang mga taong taglay ang katotohanang realidad bilang kanilang buhay? Sasabihin ko sa inyo ang ilang mga pangunahing pahiwatig. Kapag ang mga tao ay nagtataglay ng katotohanang realidad, nauunawaan nila ang ilan sa katotohanan sa isang banda; at sa kabilang banda, nagsisimula na silang magpakita ng ilang mga pagbabago sa disposisyon. Ang mga

pagbabago sa disposisyon ay may isang katangian. Iyon ay ang makayanang tanggapin ang katotohanan at magpasakop sa kung ano ang tama at naaayon sa katotohanan. Kahit sino ang nagbibigay sa iyo ng mga panukala—sila man ay bata o matanda, nagkakasundo man kayo, at kung may mga hinanakit man sa pagitan ninyo—hangga't may sinasabi sila na tama, at nakaayon sa katotohanan, at kapaki-pakinabang sa gawain ng pamilya ng Diyos, nakakaya mong ariin at tanggapin ito. Hindi ka naaapektuhan ng iba pang mga salik. Ito ang unang aspeto ng katangiang iyon. Ang isa pa ay na kapag nakatagpo ka ng isang suliranin nakakaya mong hanapin ang katotohanan. Halimbawa, kung nakatagpo ka ng isang bagong problema na walang sinumang nakakaarok, nakakaya mong hanapin ang katotohanan, tingnan kung ano ang dapat mong gawin upang iayon ang usapin sa mga prinsipyo ng katotohanan, at tugunan ang mga kinakailangan ng Diyos. Bukod dito, ang isa pang aspeto ay ang pagtatamo ng kakayahang maging mapagsaalang-alang sa kalooban ng Diyos. Kung paano ka dapat maging mapagsaalang-alang sa kalooban Niya ay nakasalalay sa kung anong tungkulin ang iyong ginagampanan at kung ano ang mga kinakailangan sa iyo ng Diyos sa iyong tungkulin. Kailangan mong unawain ang prinsipyong ito: Isakatuparan ang iyong tungkulin ayon sa kinakailangan ng Diyos, at isakatuparan ito upang bigyang-kasiyahan ang Diyos. Kailangan mo ring unawain ang kalooban ng Diyos, at kung ano ang hinahangad na resulta ng iyong tungkulin, at kailangan mong magawang kumilos nang may pananagutan at katapatan. Lahat ng ito ay mga paraan ng pagkakaroon ng konsiderasyon sa kalooban ng Diyos. Kung hindi mo alam kung paano maging mapagsaalang-alang sa kalooban ng Diyos sa bagay na iyong ginagawa, dapat maghanap ka para maisakatuparan iyan, at Siya'y mabigyang-kasiyahan. Kung maisasagawa ninyo ang tatlong prinsipyong ito, masusukat ang paraan na talagang namumuhay kayo ayon sa mga ito, at makasusumpong kayo ng isang paraan ng pagsasagawa, mapapamahalaan ninyo ang mga bagay-bagay sa maprinsipyong paraan. Anuman ang makaharap at anumang mga problema ang maranasan ninyo, dapat ninyong hanapin kung anong mga prinsipyo ng pagsasagawa ang

naroon, anong mga detalye ang kasama sa bawat isa, at paano dapat isagawa ang mga ito para hindi ninyo malabag ang mga prinsipyo. Kapag naunawaan na ninyo ang mga bagay na ito, likas ninyong maisasagawa ang katotohanan.

Hinango mula sa “Sa Pagsasagawa Lamang ng Katotohanan Naiwawaksi Mo ang Mga Tali ng Isang Tiwaling Disposisyon” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sa kanilang tunay na mga karanasan, ang mga taong may katotohanan ay yaong mga makakayang manindigan sa kanilang patotoo, manindigan sa kanilang kalagayan, tumayo sa panig ng Diyos, nang hinding-hindi umaatras, at magkaroon ng normal na ugnayan sa mga taong nagmamahal sa Diyos, na sakali mang mangyari ang mga bagay sa kanila ay magagawang ganap na sumunod sa Diyos, at makakayang sumunod sa Diyos hanggang kamatayan. Ang iyong pagsasagawa at mga pahayag sa tunay na buhay ay ang patotoo ng Diyos, ang mga ito ang pagsasabuhay ng tao at ang patotoo ng Diyos, at ito ang tunay na pagtatamasa sa pagmamahal ng Diyos; kapag nakaranas ka hanggang sa puntong ito, ang nararapat na bisa ay makakamit na. Nagtataglay ka ng aktwal na pagsasabuhay, at ang bawat kilos mo ay tinitingala ng iba nang may paghanga. Pangkaraniwan ang iyong pananamit at panlabas na anyo, ngunit isinasabuhay mo ang isang buhay na may sukdulang kabanalan, at kapag ipinababatid mo ang mga salita ng Diyos, ginagabayan at nililiwanagan ka Niya. Nagagawa mong sabihin ang kalooban ng Diyos sa pamamagitan ng iyong mga salita, naipagbibigay-alam ang realidad, at marami kang nauunawaan tungkol sa paglilingkod sa diwa. Tapat ka sa iyong pananalita, disente at matuwid, ayaw sa hidwaan at mapagpakundangan, nagagawang sundin ang mga pagsasaayos ng Diyos at naninindigan sa iyong patotoo kapag may nangyayari sa iyo, at ikaw ay payapa at mahinahon anuman ang kinakaharap mo. Ang ganitong uri ng tao ay tunay na nakita na ang pag-ibig ng Diyos. May ilang tao na bata pa, ngunit kumikilos sila na tila may-edad na; may isip na sila, nagtataglay ng katotohanan, at hinahangaan ng iba—at ito ang mga taong may patotoo, at

mga manipestasyon ng Diyos. Sa madaling salita, kapag naranasan na nila hanggang sa isang tiyak na punto, magkakaroon sa kanilang kalooban ng isang kaunawaan tungo sa Diyos, at ang kanilang panlabas na disposisyon ay magiging matatag rin. Maraming tao ang hindi nagsasagawa ng katotohanan, at hindi naninindigan sa kanilang patotoo. Walang pag-ibig sa Diyos o patotoo sa Diyos ang mga ganoong tao, at ito ang mga tao na lubos na kinamumuhian ng Diyos. Binabasa nila ang mga salita ng Diyos sa mga pagtitipon, ngunit ang kanilang isinasabuhay ay si Satanas, at ito ay pagbibigay-kahihiyan sa Diyos, paninirang-puri sa Diyos, at paglapastangan sa Diyos. Sa ganoong mga tao, walang tanda ng pagmamahal ng Diyos, at walang-wala sa kanila ang gawain ng Banal na Espiritu. Kaya't ang mga salita at kilos ng mga tao ay kumakatawan kay Satanas.

Hinango mula sa "Ang mga Nagmamahal sa Diyos ay Mabubuhay Magpakailanman sa Kanyang Liwanag" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Anuman sa buhay ni Pedro na hindi nagbigay-kasiyahan sa naisin ng Diyos ay nakaligalig sa kanya. Kung hindi iyon nakalugod sa naisin ng Diyos, nakadama siya ng taos na pagsisisi, at naghanap ng angkop na paraan para mapagsikapan niyang mapalugod ang puso ng Diyos. Kahit sa pinakamaliit at pinaka-walang-kabuluhang mga aspeto ng kanyang buhay, kusa pa rin niyang pinalugod ang naisin ng Diyos. Gayon din siya katindi pagdating sa kanyang dating disposisyon, laging mahigpit sa kanyang mga hinihingi sa kanyang sarili upang sumulong nang mas malalim sa katotohanan. Hinangad lamang ni Pablo ang mababaw na reputasyon at katayuan. Hinangad niyang ipagyabang ang kanyang sarili sa harap ng tao, at hindi naghangad na sumulong nang mas malalim sa kanyang pagpasok sa buhay. Ang kanyang pinahalagahan ay ang doktrina, hindi ang realidad. Sabi ng ilang tao, "Napakaraming ginawa ni Pablo para sa Diyos, bakit hindi siya naalaala ng Diyos? Gumawa lamang si Pedro ng kaunting gawain para sa Diyos, at hindi malaki ang iniambag sa mga iglesia, kaya bakit siya ginawang perpekto?" Minahal ni Pedro ang Diyos kahit paano, na

siyang kinailangan ng Diyos; ang gayong mga tao lamang ang may patotoo. At ano naman ang kay Pablo? Gaano minahal ni Pablo ang Diyos? Alam mo ba? Para saan ba ginawa ang gawain ni Pablo? At para saan ginawa ang gawain ni Pedro? Hindi gaanong marami ang ginawang gawain ni Pedro, ngunit alam mo ba kung ano ang nasa kaibuturan ng kanyang puso? Ang gawain ni Pablo ay ukol sa pagtustos sa mga iglesia, at sa suporta ng mga iglesia. Ang naranasan ni Pedro ay mga pagbabago sa kanyang disposisyon sa buhay; naranasan niyang mahalin ang Diyos. Ngayong alam mo na ang mga pagkakaiba sa kanilang mga kakanyahan, makikita mo kung sino, sa bandang huli, ang tunay na naniwala sa Diyos, at sino ang hindi tunay na naniwala sa Diyos. Ang isa sa kanila ay tunay na nagmahal sa Diyos, at ang isa pa ay hindi tunay na nagmahal sa Diyos; ang isa ay sumailalim sa mga pagbabago sa kanyang disposisyon, at ang isa pa ay hindi; ang isa ay mapagpakumbabang naglingkod, at hindi madaling napansin ng mga tao, at ang isa pa ay sinamba ng mga tao, at naging dakila sa paningin nila; ang isa ay naghangad ng kabanalan, at ang isa pa ay hindi, at bagama't hindi siya marumi, hindi siya nag-angkin ng isang dalisay na pagmamahal; ang isa ay nag-angkin ng totoong pagkatao, at ang isa pa ay hindi; ang isa ay nag-angkin ng katinuan ng isang nilalang ng Diyos, at ang isa pa ay hindi. Gayon ang mga pagkakaiba sa mga kakanyahan nina Pablo at Pedro. Ang landas na tinahak ni Pedro ay ang landas ng tagumpay, na siya ring landas ng pagkakamit ng pagbawi sa normal na pagkatao at pagbawi sa tungkulin ng isang nilalang ng Diyos. Kinakatawan ni Pedro ang lahat ng taong tagumpay. Ang landas na tinahak ni Pablo ay ang landas ng kabiguan, at kinakatawan niya ang lahat ng nagpapasakop lamang at ginugugol ang kanilang sarili nang paimbabaw, at hindi tunay na nagmamahal sa Diyos. Kinakatawan ni Pablo ang lahat ng hindi nagtataglay ng katotohanan. Sa kanyang paniniwala sa Diyos, hinangad ni Pedro na bigyang-kasiyahan ang Diyos sa lahat ng bagay, at hinangad na sundin ang lahat ng nagmula sa Diyos. Wala ni katiting na reklamo, nagawa niyang tanggapin ang pagkastigo at paghatol, gayundin ang pagpipino, kapighatian at kakulangan sa kanyang buhay, at walang isa

man dito na maaaring magpabago sa kanyang pagmamahal sa Diyos. Hindi ba ito ang sukdulang pagmamahal sa Diyos? Hindi ba ito ang katuparan ng tungkulin ng isang nilalang ng Diyos? Sa pagkastigo man, paghatol, o kapighatian, lagi kang may kakayahang maging masunurin hanggang kamatayan, at ito ang dapat makamit ng isang nilalang ng Diyos, ito ang kadalisayan ng pagmamahal sa Diyos. Kung makakamtan ng tao ang ganito, siya ay isang angkop na nilalang ng Diyos, at wala nang ibang mas nagbibigay-kasiyahan sa naisin ng Lumikha. Ipagpalagay nang nakakagawa ka para sa Diyos, subalit hindi ka sumusunod sa Diyos, at hindi mo kayang tunay na mahalin ang Diyos. Sa ganitong paraan, hindi mo lamang hindi natupad ang tungkulin ng isang nilalang ng Diyos, kundi ikukondena ka rin ng Diyos, dahil ikaw ay isang taong hindi nagtataglay ng katotohanan, na walang kakayahang sumunod sa Diyos, at suwail sa Diyos. Pinahahalagahan mo lamang ang paggawa para sa Diyos, at hindi mo pinahahalagahan ang pagsasagawa ng katotohanan o pagkilala sa iyong sarili. Hindi mo nauunawaan o nakikilala ang Lumikha, at hindi mo sinusunod o minamahal ang Lumikha. Ikaw ay isang taong likas na suwail sa Diyos, kaya nga ang gayong mga tao ay hindi minamahal ng Lumikha.

Hinango mula sa “Ang Tagumpay o Kabiguan ay Depende sa Landas na Tinatahak ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung may tunay na pagkaunawa ang mga tao sa disposisyon ng Diyos, at nakapagbibigay ng taos-pusong papuri sa Kanyang kabanalan at katuwiran, nangangahulugan ito na tunay nga silang kumikilala sa Kanya at nagtataglay ng katotohanan; saka lamang sila mabubuhay sa liwanag. Kapag nagbago na ang pananaw ng isang tao sa mundo at sa buhay, saka lamang siya magkakaroon ng malaking pagbabago. Kapag ang isang tao ay may layunin sa buhay at kumikilos ayon sa katotohanan, kapag ganap siyang nagpapasakop sa Diyos at nabubuhay ayon sa Kanyang mga salita, kapag panatag siya at natatanglawan hanggang sa kaibuturan ng kanyang kaluluwa, kapag walang kadiliman sa kanyang puso, at kapag siya ay nakapamumuhay nang lubos na malaya at hindi napipigilan sa presensya

ng Diyos, saka lamang siya makapamumuhay ng isang tunay na buhay ng tao, at saka lamang siya magiging isang taong nagtataglay ng katotohanan. Bukod pa rito, ang lahat ng katotohanang taglay mo ay mula sa mga salita ng Diyos at mula sa Diyos Mismo. Ang Naghahari sa buong sansinukob at sa lahat ng bagay—ang Kataas-taasang Diyos—ay sinasang-ayunan ka bilang isang tunay na taong namumuhay ng tunay na buhay ng tao. May mas makabuluhan pa ba kaysa sa pagsang-ayon ng Diyos? Ito ang ibig sabihin ng pagtataglay ng katotohanan.

Hinango mula sa “Paano Malalaman ang Kalikasan ng Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

101. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala Kung May Kakayahan ang Tao

(1) Tingnan kung paanong naiintindihan ng tao ang mga salita ng Diyos, at kung nauunawaan ba nila ang katotohanan sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng kanilang sariling kalagayan at mga praktikal na suliranin, at sa gayon ay makahanap ng mga prinsipyo ng pagsasagawa;

(2) Tingnan kung praktikal, totoo, at tiyak ang kaalaman sa sarili ng tao. Magsasalita lamang tungkol sa mababaw na doktrina ang mga may mahihinang kakayahan at hindi makakapasok sa realidad;

(3) Tingnan kung gaano ang kakayahan ng tao sa paggawa. Makakaunawa ang mga may mabuting kakayahan ng mga tiyak na prinsiyo ng pagsasagawa batay sa katotohanan at makalulutas ng lahat ng uri ng mga suliranin;

(4) Tingnan kung gaano ang kakayahan ng taong makabatid, kung makikilala nila ang bawat uri ng tao batay sa katotohanang prinsipyo, at kung makikita nila ang sentro ng bawat uri ng pangyayari at panlipunang pakikipag-ugnayan.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Paano natin sinusukat ang kakayahan ng mga tao? Ang pinakatumpak na paraan ay sukatin ang kanilang kakayahan batay sa antas kung saan

nauunawaan nila ang katotohanan. Ang ilang mga tao ay napakabilis matuto ng ilang natatanging kakayahan, subalit kapag naririnig nila ang katotohanan, nagiging magulo ang kanilang isipan at nakakatulog sila, nalilito sila, wala sa mga naririnig nila ang pumapasok, ni hindi nila nauunawaan ang kanilang naririnig—ganoon ang mahinang klaseng kakayahan. Sa ilang mga tao, sabihin mo sa kanila na mahina ang kanilang kakayahan at tumututol sila. Iniisip nila na ang pagiging mataas ang pinag-aralan at maraming nalalaman ay nangangahulugang mabuti ang kakayahan nila. Naipapakita ba ng magandang pinag-aralan ang mataas na kakayahan? Hindi nito naipapakita. Nasusukat ang kakayahan ng mga tao batay sa antas kung saan nauunawaan nila ang mga salita ng Diyos at ang katotohanan. Ito ang pinakapamantayan, ang pinakatumpak na paraan ng pagsasagawa nito. Walang saysay na subukang sukatin ang kakayahan ng isang tao sa pamamagitan ng iba pang mga kaparaanan. Ang ilang mga tao ay mahuhusay magsalita at matalas mag-isip, at talagang mahusay silang makisama sa iba—subalit kapag binabasa nila ang mga salita ng Diyos at nakikinig sa mga sermon, wala silang nauunawaan. Kapag nagsasalita sila tungkol sa sarili nilang mga karanasan at pagpapatotoo, nabubunyag nila ang kanilang mga sarili na mga bagito lamang, at makararamdam ang lahat na wala silang pagkaunawang espirituwal. Ang mga ito ay hindi mga taong mabuti ang kakayahan. Kaya't magiging mahusay ba ang gayong mga tao na harapin ang ilang panlabas na gawain para sa bahay ng Diyos—sa ibang salita, pagtupad ng tungkulin ng isang tao: May kinalaman sa pagtupad ng tungkulin ng isang tao ang katotohanan, ang gawain ng Diyos, at ang mga prinsipyo ng pagkilos at ang mga paraan at pamamaraan kung saan tinatrato ng isang tao ang lahat ng uri ng tao, at ang lahat ng usaping ito ay may kinalaman kung mabisa at sapat ba ang ginagawang pagtupad ng tao ng kanyang tungkulin o hindi. Sangkot ba ang katotohanan sa mga usaping ito na may kinalaman sa pagtupad ng tungkulin ng isang tao? Kung sangkot ang katotohanan sa mga ito, ngunit hindi mo naman nauunawaan ang katotohanan at umaasa sa iyong mga walang-kuwentang panlilinlang at pakana, magagawa mo

bang tuparin nang maayos ang tungkuling ito? Magagawa mo ba ito alinsunod sa kalooban ng Diyos? Hindi. Kahit pa manatiling nasa tamang landas ang isang tao sa ilang mga bagay, maaaring dahil iyon sa ang ginagawa nila ay hindi kinasasangkutan ng katotohanan, at sadyang isa lamang itong panlabas na bagay. Kapag napakiusapan silang umalis at gumawa ng isang bagay nang ayon sa prinsipyo, at may nagaganap na di-inaasahang pangyayari, hindi nila alam kung ano ang gagawin; iniisip nila na magagawa sana nila itong harapin batay sa sarili nilang mga karanasan, subalit kapag ginagawa ang ganoon nakapagdudulot ito ng mga gambala at abala; ginugulo nito ang mga bagay-bagay. Wala bang bagay na mali rito? At ano ang sanhi nito? Dahil ito sa hindi dalisay ang kanilang pagkaunawa, hindi nila nauunawaan ang katotohanan, at hindi nila naintindihan ang mga prinsipyo. Kapag nakasasagupa sila ng isang bagay na kinasasangkutan ng katotohanan o ng prinsipyo, hindi nila malaman kung anong gagawin; lumilitaw ang sarili nilang mga ideyang pantao, at humahantong silang pinipinsala ang gawain at ang mga interes ng bahay ng Diyos at nagiging kaaba-aba sila.

Hinango mula sa “Napakahalaga ng Pag-unawa sa Katotohanan sa Wastong Pagtupad ng Tungkulin ng Isang Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

At ano naman ang nahahayag sa mga taong mabuti ang kakayahan? Kahit gaano pa nila katagal sinampalatayanan ang Diyos, kapag naririnig nila ang isang sermon, nasasabi nila ang pagkakaiba sa pagitan ng sermon na pinakikinggan nila ngayon at kung ano ang nakasaad sa Biblia—ang sermon na ito ay mas malalim, mas detalyado, at pagkaraan nito, sinisimulan nila itong ipatupad sa kanilang mga tunay na buhay. Halimbawa, sinasabi ng Diyos na maging matapat. Sa simula, wala na silang ibang ginagawa kundi kumapit sa alituntuning ito, sinasalita ang anumang nasa puso nila. Ngunit unti-unti, habang nakikinig sila sa mga sermon, patuloy nilang sinasala ang mga bagay mula sa sarili nilang mga totoong karanasan sa buhay hanggang sa, mula sa kung anong pinagdadaanan at nararanasan nila, naiisip nila kung ano nga ba ang

aspetong ito ng katotohanan—ang pagiging matapat, at kung ano nga ba ang realidad nito. Nailalapat nila ang mga salitang sinalita ng Diyos at ang mga katotohanang napasadahan sa mga sermon sa kanilang mga tunay na buhay, at ginagawa nila ang mga ito na kanilang realidad, at ginagamit ang mga tunay na karanasang ito upang unti-unting ilusong ang kanilang mga sarili nang mas malalim. Ibig sabihin, napagtatanto nila ang katotohanang nakapaloob sa mga salita ng Diyos at sa mga sermon na naririnig nila, at ang katotohanang ito ay hindi walang-lamang doktrina, hindi ito ilang interpretasyon o teorya, kundi may kaugnayan sa mga paghihirap na nasasagupa nila sa aktwal nilang mga buhay, at sa mga kalagayang nabubunyag nila. Nasusuri nila ang mga kalagayang ito, naikukumpara ang mga ito sa kung ano ang ibinubunyag ng Diyos, at naisasagawa alinsunod sa mga salita ng Diyos. Ganito ang may mabuting kakayahan. Ano ang pangunahing kahayagan ng mabuting kakayahan? Kapag nakikinig sila sa mga sermon, nagagawa nilang maunawaan kung ano ang nais sabihin nito, at nauunawaan kung ano ang kaugnayan sa pagitan ng mga salitang ito at ng sarili nilang mga aktwal na kalagayan, kung anong papel ang ginagampanan ng mga salitang ito sa kanila, at naitataguyod nila ang kanilang mga sarili batay sa sukatan ng mga salitang ito. Dagdag pa rito, nagagawa nila sa kanilang tunay na buhay na maintindihan ang mga prinsipyo ng pagsasagawa at ipatupad ang mga prinsipyong ito sa bawat paghihirap o suliraning nasasagupa nila. Ganito ang ibig sabihin na maging malinaw ang pagkaunawa. Ang mga taong may gayong mga pananaw lamang ang siyang tunay na mahusay ang kakayahan.

Hinango mula sa “Napakahalaga ng Pag-unawa sa Katotohanan sa Wastong Pagtupad ng Tungkulin ng Isang Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kapag sinusukat kung mabuti ba o masama ang kakayahan ng isang tao, tingnan ang kanilang saloobin sa lahat ng bagay sa kanilang pang-araw-araw na buhay—o, kapag may mga bagay na nangyayari sa kanila, nagagawa ba nilang maintindihan ang kalooban at saloobin ng Diyos, ang

mga prinsipyong dapat nilang sinusunod, ang posisyong dapat nilang kunin, at ang saloobing dapat mayroon sila. Kung nagagawa mong maintindihan ang mga bagay na ito, kung gayon may kakayahan ka. Kung ang naiintindihan mo ay walang anumang kinalaman sa lahat ng isinasaayos ng Diyos para sa iyo sa iyong tunay na buhay, kung gayon maaaring wala kang kakayahan o mahina ang iyong kakayahan. Paano lumitaw ang tunay na tayog nina Pedro at Job, at paano nila tinamo sa huli kung ano ang kanilang natamo at inani kung ano ang kanilang naani mula sa kanilang pananampalataya sa Diyos? Hindi nila tinamasa kung ano ang tinatamasa ninyo ngayon; lagi kang may isang taong magkakaloob para sa inyo, na susuporta sa inyo, na tutulong sa inyo, laging may isang taong gagawa ng mga huling pagtitiyak para sa inyo. Karamihan sa mga naunawaan nila ay natamo mula sa kung anong napagtanto nila, kung anong naranasan nila, kung anong unti-unti naisip nila at napagdaanan sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Ganito ang pagiging mataas ang kakayahan. Kung walang tinataglay na gayong kakayahan ang tao, at walang ganitong saloobin patungkol sa katotohanan at kaligtasan, wala silang kakayahang tamuhin ang katotohanan.

Hinango mula sa “Napakahalaga ng Pag-unawa sa Katotohanan sa Wastong Pagtupad ng Tungkulin ng Isang Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Malaki ang kakayahan ni Pedro, ngunit ang kanyang sitwasyon ay hindi kagaya ng kay Pablo: Inusig Ako ng kanyang mga magulang, mga demonyo sila na nasapian ni Satanas at, dahil dito, wala silang itinurong anuman kay Pedro tungkol sa Diyos. Si Pedro ay mautak, matalino, at mahal na mahal ang kanyang mga magulang mula pa sa pagkabata. Subalit pagtanda niya, naging kaaway siya nila dahil hindi siya tumigil kailanman sa pagsisikap na makaalam tungkol sa Akin, at paglaon ay tumalikod siya sa kanila. Ito ay dahil, una sa lahat, naniwala siya na ang langit at lupa at lahat ng bagay ay nasa mga kamay ng Makapangyarihan sa lahat at na lahat ng positibong bagay ay nagmumula sa Diyos at tuwirang lumalabas mula sa Kanya nang hindi naiimpluwensyahan ni

Satanas. Ang pagkakaiba ng mga magulang ni Pedro sa kanya ay nagbigay sa kanya ng higit na kaalaman tungkol sa Aking kagandahang-loob at awa, sa gayon ay naragdagan ang kanyang hangaring hanapin Ako. Nagtuon siya hindi lamang sa pagkain at pag-inom ng Aking mga salita, kundi, bukod pa rito, sa pag-unawa sa Aking kalooban, at lagi siyang maingat sa kanyang puso. Dahil dito, lagi siyang sensitibo sa kanyang espiritu, at dahil dito ay nakaayon Siya sa Aking sariling puso sa lahat ng kanyang ginawa. Palagi siyang nakatuon sa mga kabiguan ng mga tao noong araw para magpasigla sa kanya, sa malaking pangamba na baka siya mabigo. Nagtuon din siya sa pakikibahagi sa pananampalataya at pagmamahal ng lahat ng nagmahal sa Diyos sa lahat ng kapanahunan. Sa ganitong paraan—hindi lamang sa mga negatibong aspeto, kundi ang higit na mahalaga, sa mga positibong aspeto—mas mabilis siyang lumago, kaya ang kanyang kaalaman ay naging pinakadakila sa lahat sa Aking presensya. Dahil dito, hindi mahirap isipin kung paano niya ipinaubaya ang lahat ng mayroon siya sa Aking mga kamay, paano niya isinuko maging ang paggawa ng mga desisyon tungkol sa pagkain, pananamit, pagtulog at kung saan siya nakatira, at sa halip ay tinamasa niya ang Aking mga kayamanan batay sa pagpapalugod niya sa Akin sa lahat ng bagay. Maraming beses Ko siyang isinailalim sa mga pagsubok—mga pagsubok, natural, na muntik na niyang ikamatay—ngunit sa kabila ng daan-daang pagsubok na ito, hindi siya nawalan ng pananampalataya sa Akin kailanman o nadismaya sa Akin. Kahit noong sabihin Ko na natalikuran Ko siya, hindi pa rin siya pinanghinaan ng loob, at patuloy niya Akong minahal sa isang praktikal na paraan at alinsunod sa dating mga prinsipyo ng pagsasagawa. Sinabi Ko sa kanya na hindi Ko siya pupurihin kahit minahal niya Ako, na sa huli ay ihahagis Ko siya sa mga kamay ni Satanas. Ngunit sa gitna ng mga pagsubok na ito, mga pagsubok na hindi sumapit sa kanyang laman, kundi sa mga salita, nanalangin pa rin siya sa Akin at nagsabing, “Diyos ko! Sa langit at sa lupa, at sa lahat ng bagay, mayroon bang sinumang tao, anumang nilalang, o anumang bagay na hindi Mo hawak sa mga kamay Mo, ang Makapangyarihan sa lahat? Kapag

maawain Ka sa akin, labis na nagagalak ang puso ko sa Iyong awa. Kapag hinahatulan Mo ako hindi man ako karapat-dapat, lalo kong nadarama ang napakalalim na hiwaga ng Iyong mga gawa, dahil puno Ka ng awtoridad at karunungan. Bagama't nahihirapan ang aking laman, naaaliw ang aking espiritu. Paanong hindi ko pupurihin ang Iyong karunungan at mga gawa? Kahit mamatay ako matapos Kang makilala, paanong hindi ko magagawa iyon nang may galak at masaya? Makapangyarihan sa lahat! Talaga bang ayaw Mo akong makita Ka? Talaga bang hindi ako karapat-dapat na tumanggap ng Iyong paghatol? Maaari kayang may isang bagay sa akin na ayaw Mong makita?" Sa gayong mga pagsubok, kahit hindi naintindihang mabuti ni Pedro ang Aking kalooban, malinaw na ipinagmalaki at ikinarangal niya na kinasangkapan Ko siya (kahit tinanggap niya ang Aking paghatol upang makita ng sangkatauhan ang Aking kamahalan at poot), at na hindi siya nabalisa sa mga pagsubok na ito. Dahil sa kanyang katapatan sa Aking harapan, at dahil sa Aking pagpapala sa kanya, naging isa siyang uliran at huwaran sa tao sa loob ng libu-libong taon. Hindi ba ito mismo ang dapat ninyong tularan?

Hinango mula sa "Kabanata 6" ng Mga Salita ng Diyos sa Buong Sansinukob sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

At ano naman ang nahahayag sa mga taong karaniwan ang kakayahan? Walang iniiwang impresyon sa kanila ang marinig ang isang sermon nang minsanan. Kapag may mga bagay na nangyayari sa kanila, hindi pa rin nila alam kung paano haharapin ang mga ito o kung anong gagawin. Ang kaya lamang nilang gawin ay magsalita ng walang-lamang doktrina at kumapit sa mga alituntunin. Nag-iiwan ng bahagyang impresyon sa kanila ang marinig nang dalawang ulit ang isang sermon, ngunit kapag may mga bagay na nangyayari sa kanila, hindi pa rin nila alam kung anong gagawin, kumakapit pa rin sila sa mga alituntunin at nagsasalita sila ng ilang titik at gumagamit ng doktrina upang pangaralan ang mga tao at gawin ang kanilang gawain. Pagkatapos mapakinggan ang mga sermon sa loob ng maraming taon, nalakipan nila ang kanilang mga sarili ng mas

marami pang doktrina. Noon, nagsasalita lamang sila nang dalawa o tatlong minuto ng ilang mga karanasan at kaalaman, batay sa doktrina bago sila maubusan nang masasabi. Habang nadaragdagan ang mga taon, nakapagsasalita na sila nang dalawampu o tatlumpung minuto—subalit hindi pa rin nila nauunawaan kung ano ang katotohanan, o kung ano ang realidad. Iniisip nilang ang doktrinang sinasalita nila ang siyang katotohanan. Wala silang naririnig sa sinasabi ng iba tungkol sa realidad, o tungkol sa mga karanasan, kaalaman, at sa landas na konektado sa katotohanang realidad; iniisip nila na iisa at pareho lamang ang katotohanan at ang doktrina. Ibig sabihin, kahit gaano pa karaming sermon ang mapakinggan nila, hindi sila nakakarating sa pagkatanto ng mga katotohanang may kaugnayan sa mga pagbabago sa kanilang disposisyon o sa sarili nilang kalikasang diwa na nakapaloob sa mga sermon na ito. Pagkatapos nito, sa kanilang mga tunay na buhay, higit pa sa pagkakakapit sa mga alituntunin at seremonya, higit pa sa palaging pagpunta sa mga pagtitipon, pagsasalita ng doktrina sa mga tao, at tila pagpapakapagod kapag tumutupad ng kanilang tungkulin, karaniwan nang hindi sila pumapasok sa, ni lumulusong nang mas malalim sa, mga katotohanang may kaugnayan sa mga pagbabago sa disposisyon, sa pagkaalam ng sarili nilang mga tiwaling disposisyon, at sa pagpasok sa buhay. Ito'y halimbawa ng pagiging karaniwan ang kakayahan. Hanggang doon na lamang ang mga taong may karaniwang kakayahan. May ilang mga tao na dalawampu o tatlumpung taon nang sumampalataya sa Diyos, at pawang doktrina lamang ang nasasalita nila. Ganito ang maging katamtaman ang kakayahan.

Hinango mula sa "Napakahalaga ng Pag-unawa sa Katotohanan sa Wastong Pagtupad ng Tungkulin ng Isang Tao" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ano ang nahahayag sa mga taong mahina ang kakayahan? Pagkatapos ng taun-taong pakikinig sa mga sermon, iniisip nilang pare-pareho lamang ito, ang mga dati pa ring bagay. Ni hindi nga nila marinig ang hibla ng doktrina, idagdag mo pa rito ang katotohanan. Kahit gaano pa

nila pagsikapang subukan kapag nakikinig sila sa mga sermon, o kahit gaano karaming taon pa sila makinig sa mga sermon, hindi pa rin nila nauunawaan kung ano ang kanilang naririnig; hindi nila maisip kung ano ang katotohanan at kung anong ibig sabihin na makilala ang kanilang sarili. Nakikinig man sila sa bagong nilalaman, sa malalimang nilalaman, o mga bagong salita at gawain mula sa Banal na Espiritu, lahat ng napapakinggan nila ay ang mga simpleng bagay. Iyan lamang din ang natatandaan nila—wala na silang matandaang anuman bukod pa rito. At dahil walang kakayanan ang kanilang kakayahan na makaunawa ng napakaraming bagay, paano nila makakamit ang katotohanang realidad? Sa kadahilanang ito, madalas nilang inuulit-ulit kung anong sinasabi ng mga relihiyosong tao: "Sinampalatayanan ko ang Panginoon mula pa noong nasa sinapupunan ako ng aking ina, matagal na akong nabautismuhan at nalinis." Ganyan pa rin ang sinasabi ng mga taong tumanggap sa bagong gawain ng Diyos sa loob ng ilang taon. Hindi ba't mahina ang kakayahan nila? Sinasabi ng iba na, "Sinasabi mong hindi ko nakikilala ang aking sarili—kayo ang hindi nakakikilala sa sarili ninyo. Matagal na akong banal." Hindi na kailangan pang sabihin na ang mga taong nagsasalita ng gayong mga salita ay ang mga may pinakamalalang kakayahan. Anong mga sermon ang kaya mong ipangaral sa gayong mga tao? Kahit gaano pa karaming sermon ang mapakinggan nila, hindi pa rin nila nauunawaan kung ano ang katotohanan, kung ano ang pagsasagawa ng katotohanan—hindi nila maintindihan ang mga bagay na ito, lampas ang mga ito sa kanilang kakayanan. Kapag may mga bagay na nangyayari sa kanila, sinusunod na lamang nila ang mga ilang alituntuning iyon, nananalangin sila, hinahanap nila ang Diyos, umaasa sila sa Diyos, hindi nila tinatanggihan ang Diyos, hindi sila nakikisama sa mga hindi mananampalataya, at ibinubukod nila ang kanilang mga sarili mula sa sekular na mundo—sa madaling sabi, hindi sila lumalampas sa mga pormalidad na ito ng relihiyosong pananampalataya. Gaano man karami ang marinig nila tungkol sa mga salita at sa gawain ng Diyos, at gaano man karaming sermon tungkol sa katotohanan ang mapakinggan nila, hindi

nila ito maisapuso't isip. Kung tatanungin mo sila kung ano ang kailangang gawin ng tao sa yugtong ito ng gawain ng Diyos, hindi nila masasabi sa iyo, at nakapagsasalita lamang sila ng ilang simpleng doktrina. Ipinapakita nito na lubhang nagkukulang sila sa kakayahan; hindi nila maunawaan ang mga salita ng Diyos.

Hinango mula sa "Napakahalaga ng Pag-unawa sa Katotohanan sa Wastong Pagtupad ng Tungkulin ng Isang Tao" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kapag may nangyayari sa kanila, humahanap sila ng ilang panlabas na kababalaghan na masisisi, o idinadahilan ito sa kanilang sariling pag-uugali, naniniwala na nakagawa sila ng pagkakamali, at wala nang iba pa. Walang punto na nauunawaan nila na dapat nilang hanapin ang katotohanan at makilala ang kanilang mga sarili. Anumang pagkukulang ang ipinapansin sa kanila, anumang nasasaloob nila ang nabubunyag sa kanila, o naibahagi sa kanila, hindi pa rin nila kinikilala kung anong katotohanang prinsipyo ang nalabag nila ni kung anong katotohanan ang dapat nilang isagawa—sadyang wala silang kakayahang maunawaan ang katotohanan. Ganito ang mahinang kakayahan. Kahit gaano ka pa kalinaw magbahagi tungkol sa katotohanan, hindi pa rin nila napagtatanto na ito'y katotohanan, ginagamit pa rin nila ang sarili nilang mga dahilan at pangangatuwiran upang takpan ang katotohanan, itatwa ang katotohanan, at itatwa na sila'y may tiwaling disposisyon. Ibig sabihin, gaano man karami ang pagkakamali nila, gaano man karaming tiwaling disposisyon ang ibinubunyag nila, o gaano man karaming kalagayan ang nalilikha nila na konektado sa mga tiwaling disposisyong ito, hindi pa rin nila napagtatanto na ito'y kanilang tiwaling disposisyon, hindi nila napagtatanto kung ano ang diwa nila, ni hindi nila napagtatanto kung paano nila dapat maunawaan ang usaping ito, kung paano nila dapat hanapin ang katotohanan, at kung aling aspeto ng katotohanan ang dapat nilang matamo. Hindi nila alam kung anong aspeto ng katotohanan ang dapat nilang tamuhin, at may pamamanhid sa kanilang mga kaluluwa, at wala silang ni bahagyang pakiramdam sa mga bagay na ito. Ganito ang mahinang kakayahan.

Hinango mula sa “Napakahalaga ng Pag-unawa sa Katotohanan sa Wastong Pagtupad ng Tungkulin ng Isang Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Masasabi ba ninyong may kakayahan si Pablo? Sa aling grupo kabilang ang kakayahan ni Pablo? (Ito ay napakabuti.) Napakarami na ninyong narinig na sermon ngunit hindi pa rin ninyo masabi ang pagkakaiba. Maituturing bang mabuti ang kakayahan ni Pablo? (Hindi, ito ay masama.) Bakit masama ang kakayahan ni Pablo? (Hindi niya nakilala ang kanyang sarili at nagkaroon siya ng mababang pagkaunawa sa mga salita ng Diyos.) Dahil ito sa hindi niya naunawaan ang katotohanan. Sa panahong narinig din niya ang mga sermon na ibinigay ng Panginoong Jesus, at sa yugtong gumawa siya, siyempre, naroroon ang gawain ng Banal na Espiritu. Kaya’t papaanong, nang gawin niya ang lahat ng gawaing iyon, isulat ang mga epistolang iyon, at nilakaran ang lahat ng iglesiang iyon, wala pa rin siyang nauunawaan sa katotohanan? Ang lahat ng sinalita niya ay doktrina. Isa itong taong mahina ang kakayahan. At higit pa, inusig ni Pablo ang Panginoong Jesus at ang Kanyang mga alagad, kung saan pagkaraan nito nagpakita ang Panginoong Jesus sa Kanya at pinabagsak siya. Ngunit sa kabila ng pagdaan sa gayong napakahalagang pangyayari, anong pamamaraan ang ginawa niya rito at paano niya ito naunawaan? Naisip niya na, “Pinabagsak ako ng Panginoong Jesus, nagkasala ako, kaya dapat akong lalong magsumikap nang mabuti upang makabawi para rito, at sa sandaling naungusan ng aking mga nagawang-kabutihan ang mga nagawa kong kasamaan, magagantimpalaan ako.” Nakilala ba niya ang kanyang sarili? Hindi niya nakilala. Hindi niya sinabi na ang kanyang pagsalungat sa Panginoong Jesus ay dahil sa kanyang malisyosong kalikasan, ang kanyang kalikasang mala-anticristo; hindi siya nagtaglay ng gayong pagkakilala sa sarili. At paano niya itinala ang pangyayaring ito sa kanyang mga sulat? Ano ang kanyang naging pananaw ukol dito? Naniwala siyang tinawag siya ng Diyos sa pamamagitan ng matinding liwanag, at na magsisimula ang Diyos na kasangkapin siyang mabuti. At na walang ni bahagya mang pagkakila sa

sarili niya, naniwala siya na ito ang naging pinakamatinding katibayan na siya ay magagantimpalaan at tatanggap ng putong, pati na ang pinakadakilang puhunan na magagamit niya upang matamo ang mga gantimpala at ang putong. Gayundin, nakaramdam siya na may “tinik” sa kaibuturan niya: ang kanyang dating pagsuway sa Panginoong Jesus. At paano niya hinarap ito? Naramdaman niya na ito ang isa sa mga matinding pagkakamali sa kanyang buhay, at isinapanganib nito ang kanyang pagpunta sa langit at ang pagtanggap ng putong. Sa kanyang puso, lagi siyang nababalisa tungkol dito. “Paano ako makababawi sa napakalaking pagkakamaling ito? Paano ko ito maiibsan, nang hindi nito maapektuhan ang aking mga adhikain at nang matanggap ko ang putong? Dapat lalo kong gawin ang gawain ng Panginoon, magbayad ng mas malaking halaga, magsulat ng mas maraming epistola, at gumugol nang mas maraming panahon sa pagparoo’t parito, na nilalabanan si Satanas, at nagbibigay ng magandang patotoo.” Ganyan niya hinarap ito. Wala siya ni bahagya mang pagsisisi, kahit anumang pagkakilala sa kanyang sarili; wala siya ni alinman sa mga bagay na ito. Gayon ang naging kakayahan ni Pablo. Sa isang bahagi, dahil ito sa kanyang pagkatao at kung ano ang hinangad niya, at sa isa pang bahagi, dahil sa kanyang kakayahan, hindi niya maintindihan ang mga bagay na ito, ni hindi niya napagtanto na, “Ito ang kalikasan ng tao, napakasama ng kalikasan ng tao, napakabuktot. Ang kalikasan ng tao ay ang kalikasan ni Satanas at ng anticristo, at dapat tanggapin ng tao ang pagtubos ng Diyos; ito ang ugat ng pangangailangan sa tao ng pagtubos ng Diyos. Kaya’t paano dapat lumapit ang tao sa harapan ng Diyos upang tanggapin ang Kanyang pagtubos?” Hindi niya kailanman sinabi ang gayong mga bagay. Hindi man lamang siya nagkaroon ng anumang pagkakilala tungkol sa kanyang pagsuway, at ang inisip lamang niya ay kung paano ito maiibsan, kung paano palitawin na hindi ito isang paglabag, kung paano makakuha ng sapat na kabutihang nagawa upang matubos ang kanyang mga kasalanan at mapagbayaran ang kanyang mga masasamang-gawa sa pamamagitan ng mabuting paglilingkod, at sa huli’y matanggap ang putong at gantimpala na inasahan

niya. Hindi niya kailanman naunawaan ang katotohanan o ang kalooban ng Diyos mula sa anumang bagay na nangyari sa kanya, na isang taong may pinakamahinang kakayahan.

Hinango mula sa “Napakahalaga ng Pag-unawa sa Katotohanan sa Wastong Pagtupad ng Tungkulin ng Isang Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Magkakaiba ang lahat ng mga tao. Nagkakaiba-iba sila sa kanilang kakayahan at kanilang saloobin patungkol sa katotohanan. Ang mga taong mahal ang katotohanan at mabuti ang kakayahan ay mabilis na nakakapasok sa katotohanang realidad at nagagawang tamuhin ang buhay. Ang mga taong karaniwan ang kakayahan ay mga sutil at manhid; mabagal ang pagpasok nila sa katotohanan, at mabagal din ang progreso sa kanilang mga buhay. Ang mga taong mahina ang kakayahan ay hindi lamang mangmang, matigas ang ulo at mapagmataas; mayroon din silang pamamanhid at kahinaan ng ulo na nababakas sa kanilang mga mukha, manhid ang kanilang espiritu, mabagal sila sa pag-unawa ng katotohanan. Napagkaitan ng buhay ang gayong mga tao, dahil hindi nila nauunawaan ang katotohanan, at walang ginagawa kundi magsalita ng doktrina, sumigaw ng mga bukambibig, at kumakapit sa mga alituntunin. Kung hindi nila nauunawaan ang katotohanan, hindi sila makapapasok sa katotohanang realidad—at may buhay ba sa kalooban ng mga hindi makapasok sa katotohanang realidad? (Wala.) Kapag may mga bagay na nangyayari sa mga taong napagkaitan ng buhay, kumikilos sila na parang bulag, hindi nila kailanman nasasapul ang dapat patamaan, ipinapakita nila ang kanilang sarili na kaawa-awa at kahabag-habag, lagi silang natataranta. Sa pagdaan ng mga taon palagi Kong narinig na sinasabi ng mga tao na hindi nila alam kung anong gagawin nila kapag may mga bagay na nangyayari sa kanila. Bakit ganoon pa rin sa kabila ng napakarami nang sermon ang napakinggan nila? At nakikita sa isang tingin lamang sa kanila na talaga ngang natataranta sila; may kamanhidan at katangahang nababakas sa kanilang mga mukha. Sinasabi ng ilang tao na, “Paano naman ako naging manhid? Napakasensitibo ko nga sa mga nangyayari sa

mundo: Marunong akong gumamit ng software, mga mobile phone at elektronikong kagamitan, at kayo nga ay hindi. Paanong naging ganyan kahina ang iyong kakayahan?” Ngunit ang kakaunti nilang katusuhan ay isa lamang kasanayan—hindi ito ibinibilang na isang kakayahan. Kapag nakakarinig sila ng sermon o isang bagay na nangyayari sa kanila na may kaugnayan sa katotohanan, nalalantad ang mga taong ito: Sa kanilang espiritu, lubhang manhid sila. Gaano sila kamanhid? Sinampalatayanan nila ang Diyos sa loob ng mga taon, subalit hindi pa rin nila masabi kung maliligtas ba sila, ni hindi sila malinaw tungkol sa uri ng pagkatao nila. Kung tatanungin mo sila kung ano ang palagay nila sa kanilang kakayahan, sasabihin nilang mas mababa ito nang bahagya sa isang taong mahusay ang kakayahan, ngunit mas maigi kaysa sa mga taong karaniwan ang kakayahan. Ganyan kahina ang kanilang kakayahan. Hindi ba ito katawa-tawa? Kahit ano pa ito, kung sangkot ang katotohanan o prinsipyo sa isang bagay, wala silang nauunawaan sa kung anong naririnig nila, at ganito ang mahinang kakayahan.

Hinango mula sa “Napakahalaga ng Pag-unawa sa Katotohanan sa Wastong Pagtupad ng Tungkulin ng Isang Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Pag-unawa man ito ng isang aspeto ng katotohanan o pagkatuto man ng propesyon, nagagawa ng mga taong mabuti ang kakayahan na maunawaan ang mga nakapaloob na prinsipyo, malaman ang ugat ng mga bagay, at matukoy ang realidad at diwa upang sa gayon, sa lahat ng kanilang gawin, bawat trabahong ginagawa nila, nagagawa nila ang mga tamang pagpapasya, at natutukoy ang mga wastong pamantayan at prinsipyo. Ganito ang mabuting kakayahan. Nagagawa ng mga taong mabuti ang kakayahan na gawin ang mga huling pagtitiyak sa iba’t ibang gawain ng bahay ng Diyos. Walang kakayahang gawin ng mga may karaniwan o mahinang kakayahan ang gayong gawain. Hindi ito sa anumang paraan isang kaso ng pamamaborito ng bahay ng Diyos sa ilang tao o panghahamak sa mga partikular na tao—dahil lamang ito sa walang-kakayahang gawin ng maraming tao ang gawaing ito dahil sa kanilang

kakayahan. At ang ugat na sanhi kung bakit hindi nila nagagawang gawin ang mga huling pagtitiyak ay dahil hindi nila nauunawaan ang katotohanan. Ang dahilan kung bakit hindi nila nauunawaan ang katotohanan ay dahil masyadong karaniwan, o baka pa nga mahina ang kanilang kakayahan; hindi nila kaya ang katotohanan, at hindi nila nagagawang maunawaan ang katotohanan kapag naririnig nila ito. Maaaring hindi nauunawaan ng ilang tao ang katotohanan dahil hindi sila nakikinig nang mabuti, o maaaring dahil sa sila'y bata at hindi pa nag-uugat sa kanilang pananampalataya sa Diyos, at hindi sila masyadong interesado rito. Ngunit hindi ito ang mga pangunahing dahilan; ang pangunahing dahilan ay dahil hindi angkop ang kanilang kakayahan para sa gawain. Para sa mga taong mahina ang kakayahan, kahit ano pa ang kanilang tungkulin, o gaano katagal na nilang ginagawa ang gawain, kahit gaano mo pa subukan at turuan sila, o gaano karaming sermon ang marinig nila, hindi pa rin nila maintindihan ito, pinatatagal nila ang kanilang gawain, ginugulo lamang ang mga bagay-bagay, at walang nakakamit na kahit ano.

Hinango mula sa "Napakahalaga ng Pag-unawa sa Katotohanan sa Wastong Pagtupad ng Tungkulin ng Isang Tao" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang pag-unawa kung ano ang mabuti at masamang kakayahan, at ang pagiging malinaw tungkol sa sariling kakayahan, kalikasang diwa, ay pawang kapaki-pakinabang sa pagkilala sa iyong sarili. Kung alam ng mga tao ang kinatatayuan nila, mababawasan ang mga pagkakamali nila. Kapag may sukatan ang mga tao sa kanilang mga sarili, matitigil ang kanilang kayabangan, at magiging tapat at masigasig sila sa pagtupad ng tungkulin. Ang hindi pagkilala sa sarili ay maaaring magdulot ng maraming kaguluhan. May ilang mga taong pangkaraniwan ang kakayahan, ngunit naniniwalang mataas ang kanilang kakayahan. Naniniwala silang may kaloob sila sa pamumuno; sa loob nila, atat na atat sila na maging isang pinuno, na panguluhan ang pangkat, ngunit walang sinumang pumipili sa kanila. At hindi ba sila nababagabag nito? Kapag nababagabag ang mga tao ng gayong mga bagay at nababalisa sila, hindi nila natutupad nang

mabuti ang kanilang tungkulin, at maaaring makagawa sila ng mga kahangalang bagay na nagdudulot ng kahihiyan, walang-katuturang bagay na kinasusuklaman ng Diyos. Kaya, bago pa ang lahat, dapat nilang harapin ang mga saligang pagbubunyag ng kanilang mga tiwaling disposisyon sa pamamagitan ng pagkilala sa kanilang mga sarili. Kasama roon ang pagiging mapagmataas, walang-kabuluhan, laging iniisip na mabuti ang kanilang kakayahan, na mahusay sila kaysa sa ibang mga tao, na dapat nilang sanayin ang iba, at iba pa. Sa sandaling nalutas ang mga suliraning ito, magiging matatag ka sa maayos na pagtupad mo ng iyong tungkulin, magiging mas wasto ang iyong pag-uugali, at hindi ka na aabalahin ng mga saloobin at pag-uugaling gaya ng panlabas na kapusukan, kapalaluan, kahambugan, at ng pag-iisip na ikaw ay natatangi, at lalo ka pang magiging husto sa iyong pag-iisip.

Hinango mula sa “Napakahalaga ng Pag-unawa sa Katotohanan sa Wastong Pagtupad ng Tungkulin ng Isang Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

102. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala Kung Nauunawaan ng Tao ang mga Usaping Espirituwal

(1) Una, tingnan kung dalisay ang pagkaunawa ng tao sa mga salita ng Diyos kapag binabasa ang mga ito, at kung nabubuod nila ang kanilang sariling tiwaling kalagayan, at nasusukat ang mga iyon kumpara sa kung ano ang inihahayag ng mga salita ng Diyos;

(2) Tingnan kung natatamo ng tao ang katotohanan at naisasabuhay sa salita at gawa, o kung kumikilos pa rin sila ayon sa mga haka-haka at mga pag-iisip o sumusunod sa mga patakaran;

(3) Tingnan kung nakikilala ng tao ang bawat uri ng tao; kung pinakikitunguhan ang bawat isa alinsunod sa mga prinsipyo; kung, sa regular na pakikinig sa mga pangaral at pagsasalamuha, nauunawaan nila ang katotohanan at may landas ng pagsasagawa;

(4) Tingnan kung praktikal ang pasasalita ng tao tungkol sa kaalaman sa sarili; kung tunay silang nagsisi; at kung dumaan sa tunay na pagbabago ang kanilang mga pananaw sa mga bagay, ang kanilang

pagtanaw sa buhay at ang kanilang mga kaugalian.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Sa kanilang pagsasaalang-alang sa mga salita ng Diyos, ang mga hindi nakauunawa sa mga usaping espiritwal ay hindi alam ang sinasabi ng mga salitang iyon, ni kung anong tinukoy ng mga ito; hindi rin alam ng mga gayong tao ang mga estadong inihahayag ng Diyos, ni hindi nila mapigilan ang sarili sa paghahambing laban sa mga bagay na ito. Tinuturing nila ang mga salita ng Diyos, isa at lahat, bilang mga patakaran, kasulatan, slogan, at doktrina, at hindi nila, sa anumang punto, nauunawaan ang totoong kahulugan ng pariralang, "Ang mga salita ng Diyos ay ang katotohanan." Ito ay isang pagpapahayag ng mga taong hindi nakauunawa sa mga usaping espiritwal. … Yaong mga nakauunawa sa mga usaping espiritwal ay may kakayahang unawain ang katotohanan, at kayang sukatin ang kanilang sarili dito; alam nila kung anong ibinubunyag ng mga salita ng Diyos, kung ano ang katotohanan sa Kanyang mga salita, at kung ano ang Kanyang mga kahilingan. Ang pag-unawa ba sa mga bagay na ito ay katulad din ng pagkamit ng pagpasok? (Hindi.) Kung gayon, ano ang tinutukoy ng "kakayahang maunawaan"? Tungo saan ang layunin nito? Sinumang may kayang suriin ang kanilang sarili sa liwanag ng mga bagay na ito; siyang kayang kilalanin ang tiwaling disposisyon ng sangkatauhan at iba`t ibang mga estado, gaya ng inihayag ng Diyos; siyang kayang alamin, sa ilang antas, ang mga kahilingan ng Diyos; at siyang kayang malaman ang mga prinsipyong isinasaad sa mga salita ng Diyos at Kanyang kalooban—ang gayong tao, na may kalinawan at pag-unawa patungkol sa lahat ng mga bagay na ito, samakatuwid ay sinabing nakauunawa sa mga usaping espiritwal. Yaong mga nakauunawa sa mga bagay na espiritwal ay kayang pigilan ang kanilang sarili sa paghahambing laban sa mga salita ng Diyos habang kumakain at umiinom sila ng mga ito; nauunawaan nila ang Kanyang mga sanggunian at kung anong mga kahilingan Niya. Ipinapakita nito na ang mga naturang tao ay may kakayahan sa pagtanggap, gayundin ang kalibre at kapasidad na tanggapin ang katotohanan.

Hinango mula sa "Tanging sa Paghahanap lamang ng Kaatotohanan may Pagpasok sa Buhay"

Ano ang mga pagpapahayag ng mga taong nakauunawa ng mga usaping espiritwal at mga taong hindi nakauunawa nito? Yaong mga hindi nakauunawa sa mga usaping espiritwal ay walang nalalaman sa kahulugan ng katotohanan o ng mga estado, pinagmulan, at mga sangguniang winiwika ng Diyos. Hindi nila mawari ang mga ito, ni hindi nila mapigilan ang sarili sa paghahambing laban mga ito. Kabaliktaran nito ang mga nakauunawa sa mga usaping espiritwal. Halimbawa, kapag nagbabahagi ako sa paksa ng pagsuway ng mga tao, isang bagay na kabilang ang kanilang katigasan, pagiging makasarili, kahangalan, ang kanilang pagkalaban sa Diyos at paglaban sa Kanya, at ang kanilang hindi pagkakaunawa sa Kanya, at kapag binabanggit ko ang lahat ng estado na kabilang sa paksang ito–maging sa pamamagitan ng mga halimbawa, o sa pamamagitan ng pagsasalita sa isang aspekto ng katotohanan, o sa pamamagitan ng pagturo ng isang estado na siyang estado sa iyong puso, o marahil sa pamamagitan lamang ng pagsasalita sa mga paksang nakapaloob sa kaugnay na prinsipyo—nauunawaan mo, at ang ilang mga imahe ay lumulutang sa iyong isipan at pag-iisip, at sasabihin mong, “Lumalabas na ang estado ko noong panahong iyon ay isang pagsuway!” O kapag ang usapan ay napupunta sa hindi pagkakaunawa sa Diyos, kung iyong titingnan ang mga katayuan at pagpapahayag na iyong inihahayag, at mapagtantong ito ay isang hindi pagkakaunawa sa Diyos para magkaroon ang mga tao ng ganoong mga ideya, o mga ganoong kahilingan at haka-haka sa Kanya, nangangahulugan kung gayon na pinigilan mo ang sarili laban sa mga bagay na ito para sa paghahambing. Kapag nagsasalita ako ng patungkol sa pakikipaglaban sa Diyos at paglaban sa Kanya, kung mayroon kang mga gayong pakiramdam at nasa gayong estado, o ang gayong disposisyon o diwa ay nasa loob mo, mapipigilan mong paghambingin ang mga bagay na ito. Anong mga bagay ang maaari mong ibigay sa naturang paghahambing? Ang mga ideya at kaisipan, o ang mga ipinapakita mong kilos at pag-uugali, ay maaaring

masuri nang pangkalahatan; nangangahulugan itong nauunawaan mo kung anong sinabi ng Diyos at kung ano ang ipinangangaral sa mga sermon, at malalaman kung alin sa iyong sariling pag-uugali at iyong mga pagpapahayag, pagpapakita, estado, at diwa ang katulad ng sa inihayag ng Diyos at ipinangaral sa mga sermon. Ito ang mga pagpapahayag ng isang nakauunawa sa mga usaping espiritwal.

Hinango mula sa “Tanging sa Paghahanap lamang ng Kaatotohanan may Pagpasok sa Buhay” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ano ang pangunahing pagpapahayag ng paraan ng paghahanap sa katotohanan ng mga hindi nakauunawa sa mga usaping espiritwal? Ang pagsasagawa nila ng katotohanan ay nakikita bilang mahigpit na pagsunod; nagsasalita sila sa mga tao ng doktrina, at mahigpit na ginagamit ang mga pamamaraan ng iba. Ano, kung gayon, ang diwa ng gayong mga tao? Ano ang sanhi ng kanilang pagkalito sa pagsunod sa mga patakaran at paghahanap sa katotohanan? Ano ang naging dahilan para humantong sa problemang ito? Mayroong pinag-ugatan; mahahanap mo ba ito? (Mapagmataas at mapagmagaling ang gayong mga tao. Hindi nila hinahangad ang katotohanan; sa halip, tinatrato nila ang inaakala nilang tama na parang bang iyon ang katotohanan.) Totoo iyon sa ilang hindi nakauunawa sa mga usaping espiritwal, ngunit hindi ito ang pinag-ugatan. Kapag ang mga taong ito, na walang pag-unawa sa mga usaping espiritwal at mahilig sumunod sa mga patakaran, ay nakikinig sa katotohanan at sa mga sermon, masigasig nila itong ginagawa, na may maingat na pagtingin—lalo na sa mga bagay na may kinalaman sa kanilang sariling pagsasagawa. Pinapakinggan nilang mabuti ang mga ideya kung paano isasagawa ang kanilang mga tungkulin, halimbawa, o kung paano nila gagawin nang maayos ang dapat nilang gawin. Ang pangunahing suliranin ay hindi nila maihambing ang mga nilalaman ng mga naririnig nilang sermon sa sarili nilang mga katayuan. Halimbawa, sa sandaling makarinig sila ng isang talakayan tungkol sa pagiging mapaghimagsik ng tao, sasabihin nilang, “Mapanghimagsik? Hindi ako

mapaghimagsik! Dahil hindi ito pinapayagan, kung umabot man ako sa ganitong klaseng sitwasyon, ititikom ko lang ang aking bibig, mananatili, titingnan ang sitwasyon, at gagawin ang ginagawa ng mga nasa paligid ko.” Matapos marinig ang isang bagay, kinukuha nila dito sarili nilang kalipunan ng mga lohikal na pag-istilo at pamamaraan ng pagsasagawa, ngunit, sa kaibuturan, ang kanilang mga saloobin ay nababahiran ng tungkol sa katotohanan at sa iba’t ibang estadong nakalantad at nabanggit sa mga sermon. Anong ibig sabihin na ang kanilang mga saloobin ay nabahiran? Ibig sabihin nito’y hindi nila nauunawaan kung ano ang sinasabi, at iniisip sa kanilang mga sarili, “Para saan ang pagbabahaging ito? Bakit hindi ibigay ang lahat nang mas simple? Isa itong uri ng pagbabahagi ngayon, at bukas, iba naman!” Sa kanilang pananaw, simple lang ang magdulot ng pagbabago sa disposisyon ng isang tao—gawin lang kung ano ang sinabi sa iyo. Hindi nila mapigilan ang kanilang sariling ihambing ang mga ganitong estado sa tiwaling disposisyon. Sa esensya, pare-pareho lang para sa kanila pagdating sa iba’t ibang mga paghahayag, kaisipan, ideya, hangarin, at pagpapakita ng tiwaling disposisyon ng tao na lumilitaw sa iba’t ibang kapaligiran sa proseso ng pagpasok sa buhay: Blangko sila, at hindi mapigilan ang kanilang sariling maghambing sa mga bagay na ito. Ano ang pakiramdam ng mga taong hindi mapigilan ang kanilang sarili sa mga bagay na ito kapag naririnig nila ang katotohanan? (Sa palagay nila, tumutukoy ito sa ibang mga tao, at walang epekto sa kanila.) Iyan ang pangunahin nilang katangian—kapag nababanggit ang masasamang bagay, naniniwala silang para sa iba ang mga iyon, ngunit kapag nababanggit ang mga patakarang kaya nilang sundin at maunawaan, pakiramdam nilang may kabuluhan ang mga ito sa kanila. Pagdating sa mga bagay na kabilang ang mga estado, pagbabago sa disposisyon, at ang kalikasang diwa at disposisyon ng isang tao, hindi nila kinikilala ang anuman sa mga iyon; hindi nila matanggap, ni maintindihan, ang mga iyon,. Lahat ng hindi nakauunawa sa mga usaping espiritwal ay pare-parehong may ganitong katangian. Iyon ay, ang hindi nila mapipigilan ang sariling sa paghahambing laban sa lahat ng sinasabi ng Diyos na

nagbubunyag ng iba`t ibang estado at pagpapakita at pahayag ng kanilang diwa, at wala silang ni katiting na pagkilala; palagi nilang inihahambing ang mga mansanas sa mga kahel. Para bang, kapag tinanong mo kung kumain na sila, sinasabi nilang wala silang kahit anong tubig na ininom; o, kung tanungin mo kung inaantok sila, sinasabi nilang hindi sila nauuhaw. Ang gayong sitwasyon—tulad ng isang kalagayan—ay madalas na nangyayari.

Hinango mula sa “Tanging sa Paghahanap lamang ng Kaatotohanan may Pagpasok sa Buhay” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang pangunahing pagpapahayag ng mga taong hindi nauunawaan ang mga usaping espiritwal ay ang mahigpit na pagsunod sa mga patakaran. Madalas silang kumuha ng isang pangungusap o pangyayari at itinatakda ito bilang isang patakaran o paraang susundan. Kung gayon, itinuturing din ba ng mga taong ito ang katotohanan sa ganung paraan? Naaalala ng mga hindi nakauunawa sa mga usaping espiritwal ang isang aspekto ng mga pagpapakita ng katotohanan na iyong ibinahagi ngayon; itinatakda nila ang mga salitang iyon at pag-uugali bilang mga patakarang dapat isagawa, na inaalala ang bawat isa sa mga ito nang walang pagkabigo. Pagkatapos, sa pagharap sa ibang sitwasyon sa susunod, at nang walang sinumang nagbabahagi, walang pagtatangi nilang gagamitin ang mga naunang pamamaraan at panuntunan at isasagawa ang mga ito. Isa itong tunay pagpapakita ng mga taong hindi nakauunawa sa mga usaping espiritwal. Anong nararamdaman ng mga gayong tao habang sinusunod nila ang mga patakaran? (Pagod.) Hindi sila nakakaramdam ng pagod; kung napapagod sila, titigil sila. Pakiramdam nila ay nagsasagawa sila ng katotohanan; hindi nila nararamdamang sumusunod sila sa isang itinakdang mga patakaran, ni hindi nila nararamdamang hindi nila naunawaan ang mga usaping espiritwal. Kahit kaunti, hindi pa rin nila nararamdamang hindi nila nauunawaan ang katotohanan, o na wala silang pagkaunawa sa kung ano ang mga katotohanang prinsipyo. Bagkus, sa palagay nila ay nauunawaan na nila ang praktikal na bahagi ng katotohanan, maging ang mga prinsipyo ng panig na iyon ng katotohanan;

gayundin, sa palagay nila ay nauunawaan nila ang kalooban ng Diyos, at kung kikilos sila alinsunod sa kanilang mga patakaran, makakapasok sila sa aspektong iyon ng katotohanang realidad, sa paniniwalang lagi nilang tinutugunan ang kalooban ng Diyos at isinasagawa ang katotohanan. Ang ganitong dogmatikong pagsasagawa ba ng katotohanan ay talagang isang pagpapahayag ng paghahanap nito? (Hindi.) Pagpapahayag ito ng mga uri ng taong hindi nakauunawa sa usaping espiritwal, na nakatali sa kombensiyon, at siyang tamad; sa sandaling maharap sa suliranin, hindi naghahanap ng katotohanan ang ganitong uri ng tao; hindi nila iniisip ang tungkol sa katotohanan, ni sinusuri ito, ni hindi nila ito masinsinang sinisiyasat. Dagdag dito, kung susuriin man nila ang katotohanan, hindi pa rin nila ito mauunawaan. Bakit hindi nila ito mauunawaan? Ang pinakadahilan ay wala silang pagkaunawa sa mga usaping espiritwal.

Hinango mula sa “Tanging sa Paghahanap lamang ng Kaatotohanan may Pagpasok sa Buhay” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kahit pa ilang taon na silang naniniwala sa Diyos, o mukhang itinataguyod ang katotohanan, ang mga taong hindi nakakaunawa ng mga usaping espirituwal ay hindi kailanman magkakaroon ng anumang pag-unlad. Kahit pa ilang taon na silang mananampalataya, ang mga taong hindi nakakaunawa sa mga espirituwal na usapin ay walang-alam kung ano ang ibig sabihin ng pagkilala sa sarili at kung ano ang tiwaling disposisyon. Wala silang malay sa kung ano ang paghahayag ng mapagmataas na disposisyon kapag may nakakaharap silang problema o kung ano ang paghahayag ng pagpapasakop sa katotohanan. Hindi nila alam kung paano sila kikilos bilang mga tapat na tao o anong uri ng ugali ang mapanlinlang. Hindi nila alam kung ano ang pagsunod o ano ang ibig sabihin ng pagsuway, pagsalungat, at pagtanggi sa mga pagsasaayos at paglalagay sa tama ng Diyos. Hindi nila alam kung ano ang mabuting kalooban ng tao, o kung ano ang ibig sabihin ng paggawa ayon sa katotohanan at pagpapasailalim sa mga orkestrasyon at pagsasaayos ng Diyos. Wala silang ideya sa mga pagkakaiba sa pagitan ng mga eksaktong

detalyeng ito. Hindi nila alam kung nagiging tapat ba sila kapag isinasagawa ang kanilang mga tungkulin o kung sila ba'y nagpapabaya o kung anong mga tiwaling disposisyon ang ipinahayag sa kanila, ano ang kanilang mga motibasyon o kung ang landas na kanilang tinatahak ay ang tamang landas. Hindi nila alam kung ang pananaw ng kanilang paggawa ay tama o anong uri ng ugali ang kinagigiliwan ng Diyos at anong uri ang kinasusuklaman ng Diyos. Naniniwala silang kung patuloy silang kikilos sa ganitong paraan, hindi sila maaaring magkamali at maari nilang gawin anuman ang kanilang naisin—napakasimple nito at walang kasamang anumang mga detalye. Ang ilang mga tao ay may espirituwal na pang-unawa ngunit hindi nila itinataguyod o isinasagawa ang katotohanan; naghahangad lamang silang magpakahirap at gumawa ng ilang pagsisilbi. Ang ilang tao ay sadyang walang espirituwal na pang-unawa at hindi nakakaunawa ng mga usaping espirituwal sa buhay. Basta lang silang sumusunod sa mga patakaran at walang nang higit pa. Nananatili lang sila sa pagbabasa ng mga salita ng Diyos at pamumuhay ng isang normal na buhay-espirituwal. Kapag ginagampanan ang kanilang tungkulin, hindi sila nag-aaksaya ng oras o nagdudulot ng kaguluhan. Hindi nila sinasadyang gumagawa ng mga bagay upang magdulot ng mga pagkagambala o kaguluhan. Ginagawa nila kung anong pinagagawa sa kanila at nananatili sa mga simpleng prinsipyo. Ngunit pagdating sa mga detalye, sa mga usaping may kinalaman sa pagpasok sa buhay at iba't-ibang mga pananaw at mga pag-uugali, hindi nila pinapansin nang lubusan ang mga iyon. Kapag nagsasalita ka tungkol sa paglutas ng mga kuro-kuro, hindi nila iniisip na mayroon silang anumang kuro-kuro, iniisip nila na lahat ng kanilang mga kuro-kuro ay nalutas na at kung anong ibinabahagi mo ay walang kinalaman sa kanila. Hindi nila alam kung anong mga kuro-kuro ang tinutukoy mo o anong katotohanang realidad ang ibinabahagi mo. Kapag nagsasalita ka tungkol sa pagkilala sa sarili, sinasabi nila, "Hindi ba mapanghimagsik at mapagmataas ang tao? Kapag nahaharap ang isang tao sa problema, hindi dapat siya maging mapanghimagsik o magpakitang-gilas,hindi dapat maging mayabang at maging mapagkumbaba—hindi ba't

sapat na iyon?” Kapag nagsasalita ka tungkol sa pagsunod, sinasabi nila, “Pagsunod? Patuloy ka tungkol dito sa pagiging masunurin at kung ano-ano pa—paano ito naging napakakomplikado?” Kapag sinasabi mong kailangang talikdan ng mga tao ang kanilang mga sarili at disiplinahin ang kanilang katawan o kinakailangang mahalin nila ang Diyos at isantabi ang kanilang mga sariling motibasyon at mga ambisyon kapag nasusumpungan nila ang kanilang mga sarili sa isang partikular na kapaligiran, sinasabi nila, “Wala ako gaanong motibasyon at ambisyon.” Ganiyan kasimple ang kanilang mga pag-iisip. Maaari bang magkamit ang mga ganiyang tao ng katotohanan sa huli? (Hindi.) Ano ang kanilang saloobin tungkol sa katotohanan? Hindi nila iniisip na mayroon silang ganoong mga katiwalian. Iniisip nila, “Narinig ko na lahat ng salitang ito noon at halos pare-pareho lang ang lahat ng iyon. Hindi ba tungkol lang ang lahat ng iyon sa pagpapasakop at paggawa ng kung ano ang sabihin sayo?” Ngunit ganoon lang ba kasimple? Para sa ilang mga tao, ganoon nga. Nakikita nila ang ibang taong negatibo, at sinasabi nila, “Mahalin lang ninyo ang Diyos! Bakit iiyak? Ano’ng dapat na ika-negatibo doon?” Hindi nila nauunawaan ang mga usaping espirituwal. Ano ang ibig sabihin kapag hindi nauunawaan ng mga tao ang mga usaping espirituwal? Ibig sabihin nito na anuman ang sabihin ng Diyos, anumang aspeto ng katotohanan ang sambitin Niya, tila lahat iyon ay teorya sa kanila. Hindi nila nauunawaan ang mga nakataya o bakit ipinakikisalamuha ito ng Diyos. Wala silang nauunawaan sa kung anong aspeto ng katotohanan ito, kung ano ang kaugnayan nito sa pagpasok ng mga tao at ng kanilang buhay-pananampalataya sa Diyos, kung anong kaugnayan nito sa mga paghihirap na hinaharap ng mga tao sa totoong buhay at ang mga tiwaling disposisyong ipinapahayag nila, ano ang kaugnayan sa pagitan ng katotohanan at pagkatao, at sa pagitan ng katotohanan at konsensiya. Lubusan silang walang alam sa kung ano ang kaugnayan ng mga detalyeng ito at ng mga salitang sinambit ng Diyos sa kung ano ang ipinahahayag at ipinakikita sa totoong buhay ng mga tao, at kung ano ang dapat isagawa ng mga tao, at hindi nila nauunawaan ang mga bagay na ito; ang naririnig lang nila ay mga salitang tulad ng

“Pagsunod, katapatan, huwag mawalan ng interes, huwag magdudulot ng mga pang-aabala o kaguluhan”—kung saan nakukuha nila ang isang bagay : “Hindi ko kailangang tandaan alinman sa mga iyan. Gagawin ko lang kung anong hinihingi ng Diyos; Masaya ako sa pagsisilbi.” Hindi nila alam na karagdagan sa pagsisilbi, ang tao ay nagtataglay ng maraming katiwalian gayundin ng ambisyon, mga pagnanasa, mga kagustuhan, mga kuro-kuro at mga guniguni. Maraming mga bagay ang nasa kalooban ng mga tao at kapag binabanggit ng Diyos ang mga bagay na ito, hinihingi Niya sa mga tao na lutasin ang mga bagay na ito at palitan ang mga iyon ng katotohanan. Ang layunin ng Diyos sa pagsasabi ng mga katotohanang ito ay upang maunawaan at tanggapin mo ang mga iyon, nang pagkatapos, ang mga katotohanang ito ay magamit upang lutasin ang mga suliranin sa totoong buhay, upang lutasin ang mga paghihirap na mayroon ka, upang ang mga katotohanang ito ay maging realidad mo, at mamuhay sa iyo. Ang ipinahayag sa iyo kung gayon ay hindi na pagmamataas, ambisyon, mga pagnanasa, mga kuro-kuro, mga guniguni, kaalaman at pilosopiya, bagkus ang realidad ng katotohanan. Hindi ito nauunawaan ng mga taong walang espirituwal na pang-unawa. Pagkatapos ng taon-taong pakikinig sa mga pangaral, iniisip nila, “Paanong ang bawat pangaral ay halos pare-pareho lang? Maraming taon ka nang nangangaral tungkol sa pagkilala sa sarili—hindi ba tungkol lang ito sa pagkilala sa mortal na mga kahinaan at katiwalian ng isang tao?” Sinasabi ng iba na ang mga pangaral ngayon ay mas malalalim at mas detalyado kaysa noon, ngunit wala silang pagkaunawa sa ganoon. Ito ang mga pagpapahayag ng mga taong walang espirituwal na pang-unawa.

Hinango mula sa “Silang mga Nakakaunawa Lamang ng Katotohanan ang Nakakaunawa sa mga Usaping Espirituwal” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung nauunawaan mo man o hindi ang mga usaping espirituwal, wala iyong kinalaman sa kung gaano katagal ang aabutin upang maunawaan mo ang katotohanan. May kinalaman ito sa kung kaya mo bang maunawaan ang salita ng Diyos. Kung pagkatapos itong marinig,

pakiramdam mo'y nauunawan mo ito, ngunit kapag humaharap ka sa isang suliranin, lumalabas na hindi mo pala nauunawaan, hindi mo kung gayon nauunawaan ang mga usaping espirituwal. Kung sa oras na iyon, may taong nakakaramdam na naintindihan nila ang salita ng Diyos ngunit hindi nila lubusang nauunawaan, subalit pagkatapos ng pagdaranas ng ilang panahon ay naging malinaw na sa kanila at nauunawaan nila ang aspektong ito ng katotohanan, kung gayon ay mayroon silang espirituwal na pang-unawa. Wala itong kinalaman sa kung ilang mga salita at mga parirala ang nauunawaan nila. Ito ay may kaugnayan sa katangian ng mga tao, gayundin sa landas na tinatahak nila at ang kanilang mga paghahangad. May ilang mga anticristong may mahusay na kakayahan. Pagkatapos mong mangaral sa kanila, kaya nilang ulitin ang mga sinabi mo at kumuha pa ng mga hinuha mula rito upang pagkatapos silang marinig magsalita ng iba, iisipin nilang mas malinaw ito kaysa sa pangaral na ibinigay mo. Ngunit kapag may masamang nangyari sa mga anticristong ito, ang kanilang mga kilos ay lubos na salungat sa mga doktrinang kanilang inunawa at hindi nila magamit ang kanilang naintindihan. Ang mga pangaral na ibinibigay nila ay tila nagpapakitang nauunawaan nila ang aspektong ito ng katotohanan kung kaya't alam dapat nila kung ano ang gagawin, at nakakayang maunawaan ang mga prinsipyo. Ngunit kapag may nangyari sa kanila, nawawala sila sa mensahe at yumayakap ng ibang teorya—na siyang nagpapatunay na hindi nila nauunawaan ang aspektong ito ng katotohanan at ang mga ipinangangaral nila ay isa doktrina lamang sa kanila, isang uri ng teorya at hindi nila nauunawaan ang katotohanan. Kapag nakikinig ka sa pangangaral nila ng doktrina, makikitang tila nauunawaan nila itong mabuti ngunit ang totoo, wala silang espirituwal na pang-unawa; hindi nila nauunawaan ang katotohanan, ni itinataguyod ang katotohanan.

Hinango mula sa "Silang mga Nakakaunawa Lamang ng Katotohanan ang Nakakaunawa sa mga Usaping Espirituwal" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang matatalinong tao at yaong may totoong kakayahan na

nakakaunawa sa espirituwal na mga bagay ay mga naghahanap ng katotohanan; kung may mangyari man sa kanila nang sampung beses, marahil sa walo sa mga kasong iyon, magagawa nilang magkamit ng kaunting inspirasyon, matuto ng kaunting aral, magtamo ng kaunting kaliwanagan, at makagawa ng kaunting pagsulong. Kapag ang mga bagay ay sampung beses na nangyayari sa isang hangal—isa na hindi naiintindihan ang espirituwal na mga bagay—ni isang beses ay hindi makikinabang ang buhay niya, ni isang beses ay hindi siya babaguhin nito, at ni isang beses ay hindi nito sasanhiin na maunawaan niya ang kanyang kalikasang taglay, at iyon na ang katapusan para sa kanya. Sa tuwing may nangyayari sa kanila, natutumba sila, at sa tuwing natutumba sila, kailangan nila ang iba upang alalayan sila at himukin; kung walang pag-alalay at paghimok, hindi sila makatatayo. Kung sa tuwing may nangyayari, nanganganib silang matumba, at kung, sa bawa't pangyayari, nanganganib silang mapasama, hindi ba ito katapusan na para sa kanila? May iba pa bang katwiran upang maligtas ang mga ganoong tao na walang silbi? Ang pagliligtas ng Diyos sa sangkatauhan ay pagliligtas sa mga nagmamahal sa katotohanan, pagliligtas sa bahagi nila na may kalooban at kapasyahan, at sa bahagi nila na naghahangad sa katotohanan at katuwiran sa kanilang puso. Ang kapasyahan ng isang tao ay ang bahagi nila sa kanilang puso na naghahangad sa katuwiran, kabutihan, at katotohanan, at nagtataglay ng konsiyensya. Inililigtas ng Diyos ang bahaging ito ng mga tao, at sa pamamagitan nito, binabago Niya ang kanilang tiwaling disposisyon, upang maunawaan at makamit nila ang katotohanan, upang malinis ang kanilang katiwalian, at mabago ang kanilang disposisyon sa buhay. Kung wala sa loob mo ang mga bagay na ito, hindi ka maliligtas. Kung sa loob mo ay walang pagmamahal sa katotohanan o pagnanais para sa pagkamakatuwiran at liwanag; kung sa tuwing makakatagpo ka ng kasamaan ay wala kang kalooban na itakwil ang masasamang bagay ni kapasyahang dumanas ng paghihirap; kung, bukod dito, manhid ang iyong konsiyensya; kung ang iyong kakayahang tumanggap sa katotohanan ay namanhid din, at ikaw ay di-nakaayon sa katotohanan at sa mga

pangyayaring dumarating; at kung sa lahat ng bagay ay hindi ka nakakaintindi, at hindi mo kayang pangasiwaan o lutasin ang mga bagay-bagay nang mag-isa, kung gayon ay walang paraan upang maligtas ka. Ang ganitong tao ay walang anumang mairerekomenda sa kanila, walang anumang sulit na pagsikapan. Ang kanilang konsiyensya ay manhid, ang kanilang isip ay maputik, at hindi nila minamahal ang katotohanan ni hinahangad ang katuwiran sa kaibuturan ng kanilang puso, at gaano man kaliwanag o kalinaw ang paghahayag ng Diyos ng katotohanan, hindi sila tumutugon, na para bang sila ay patay na. Hindi ba tapos na ang mga bagay-bagay para sa kanila? Ang isang taong may natitira pang hininga ay maaari pang mailigtas sa pamamagitan ng artipisyal na paghinga, nguni't, kung siya ay pumanaw na at lumisan na ang kanyang kaluluwa, walang magagawa ang artipisyal na paghinga. Kung, sa tuwing may kinakaharap kang problema, umuurong ka rito at sinusubukang iwasan ito, nangangahulugan ito na hindi ka pa nagpapatotoo; kung gayon, kailanman ay hindi ka maliligtas, at ganap na ang katapusan mo.

Hinango mula sa "Ang Mga Taong Lito ay Hindi Naliligtas" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kapag pinagpapasyahan kung ang isang tao ay may espirituwal na pang-unawa, katanggap-tanggap ba na tingnan lamang kung nauunawaan nila ang literal na kahulugan ng mga salita ng Diyos? (Hindi.) Ano nga ba ang talagang ibig sabihin ng pagkakaroon ng espirituwal na pang-unawa? Paano makakamit ang ganap na espirituwal na pang-unawa? Sa isang banda, dapat magkaroon ang isang tao ng pagkagutom sa mga salita ng Diyos, dapat silang magsumikap para sa Kaniyang mga salita at matutong pagnilayan ang mga ito, manalangin at basahin ang mga ito, makisalamuha sa mga ito at hangarin ang mga ito. Ano ang pinakamahalagang bagay? Kailangan nilang isagawa at maranasan ang mga salita ng Diyos. Sa sandaling maisagawa at maranasan mo na ang mga ito, ang mga salitang ito ang magiging realidad mo. Doon mo lang tunay na mauunawaan kung ano ang tinutukoy ng mga salita at kung ano

talaga ang katotohanang nilalaman nila. Doon mo lang makakamit ang ganap na espirituwal na pang-unawa. Ngunit hindi ang pagkakamit ng espirituwal na pang-unawa ang layunin. Ano ang layunin? Ang layunin ay ang isagawa ang katotohanan at maunawaan ang katotohanan. Kung mayroon kang landas upang isagawa ang katotohanan, at nalalaman kung paano ito isagawa, at kung pagkatapos ng pagsasagawa nito ay kaya mong unawain sa kalooban mo ang katotohanan nito, at alamin ang mga ugnayan at prinsipyo ng pagsasagawa sa kalooban, ikaw nga ay isang taong may espirituwal na pang-unawa at ang bunga ng pag-unawa sa katotohanan ay nakamit na.

Hinango mula sa “Silang mga Nakakaunawa Lamang ng Katotohanan ang Nakakaunawa sa mga Usaping Espirituwal” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Mayroong ilang hindi nauunawaan ang mga usaping espiritwal, ngunit gayunpaman, medyo mabuti ang katauhan. Binabayaran nila ang halaga at kusang ginugugol ang kanilang mga sarili, at sinusunod anumang sabihin ng Diyos nang may masunuring puso. Ngunit, pagdating sa katotohanan, wala silang kakayahan sa pagtanggap. Gayunpaman, kung kaya nilang maunawaan ang ilan sa mga salita ng Diyos, at kayang masuri ang kanilang sarili sa pamamagitan ng mga iyon, at pagkatapos ay taglay ang pagpasok at pagsasagawa, kung gayon ay may pag-asang maligtas ang mga ganitong tao. Maaari silang lumapit nang unti-unti upang maunawaan ang mga usaping espiritwal sa pamamagitan ng sandaling pagdaan sa gayong karanasan. Sa mas masigasig nilang pagbabasa sa mga salita ng Diyos, mas lalo silang nililiwanagan ng Banal na Espiritu; magagawa nilang ihambing ang anumanng naunawaan nila sa mga salita ng Diyos sa kanilang sariling mga estado, upang tanggapin ang Kanyang pakikitungo at pagtatabas, ang Kanyang mga pagsubok at pagpipino, at ang Kanyang paghatol at pagkastigo. Para dito, pagbabayaran nila ang halaga, at sa huli, magagawa nilang makamit ang kaukulang pagbabago sa disposisyon. Ang gayong tao rin, ay itinuturing bilang isang naghahanap ng katotohanan. Ang mga tao bang maituturing na kabilang sa mga

naghahanap sa katotohanan ay may pag-asang maligtas? Ano ang masasabi ninyo? Oo; kung gayon, ang mga nasabing tao ay hindi maaaring mabigyan ng “parusang kamatayan.” Sa kabilang banda, mahirap sabihin kung anong kahihinatnan ng mga uri ng taong kayang maunawaan ang katotohanan at mapigilan ang kanilang sarili sa paghahambing dito, ngunit hindi kailanman pumasok dito. Ano ang ugat ng suliraning ito? Iyon ay ang kanilang pagtingin sa katotohanan, na may pagkutya at paghamak. Ano ang ibig sabihin ng “paghamak”? Nangangahulugan ito ng hindi pagtanggap sa katotohanan; nangangahulugang ito ng paglibak sa katotohanan. Nangangahulugan ito ng hindi pagkilala sa mga salita ng Diyos bilang katotohanan, at hindi pagturing sa mga ito bilang mahalaga. Gaano man kalawak ang kanilang pagkaunawa sa naririnig, hindi sila nagsasagawa; at, ano man ang abutin ng kanilang pagpigil laban sa mga salita ng Diyos para ihambing, at alam kung anong uri sila ng mga tao, hindi pa rin sila nagsasagawa. Ang mismong salitang “pagsasagawa” ay walang halaga sa mga ganoong tao, at ang kanilang kaligtasan ay hindi madaling makararating.

Hinango mula sa “Tanging sa Paghahanap lamang ng Kaatotohanan may Pagpasok sa Buhay” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

103. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala ng Trigo mula sa Mapanirang Damo

(1) Tingnan kung may pag-ibig ang tao para sa katotohanang salita ng Diyos; kung madalas nilang binabasa ang mga salita ng Diyos; at kung nahahanap nila ang katotohanan at tinatanggap ito kapag humaharap ng suliranin;

(2) Tingnan kung tunay na nakikipagniig ang tao sa Diyos at nananalangin sa Kanya; kung mayroon silang pusong may paggalang para sa Kanya; at kung mayroon silang kaliwanagan, pagpapalinaw, at patnubay ng Banal na Espiritu;

(3) Tingnan kung tunay na nauunawaan ng taong maraming taon nang nananampalataya sa Diyos ang katotohanan at naisasabuhay ito, at kung

kaya nilang tanggapin ang pagtatabas at pakikiharap at nagpapasakop sa gawaing pagsasaayos ng bahay ng Diyos;

(4) Tingnan kung tunay na ginagampanan ng tao ang kanilang tungkulin; kung tunay nilang ginugugol ang mga sarili para sa Diyos; kung totoo ngang nakagawa sila ng mabubuting gawain; at kung mayroon silang tunay na pananampalataya sa Diyos.

Mga Talata ng Biblia para Sanggunian:

“Sa panahon ng pagaani ay sasabihin ko sa mga mangaani, Tipunin muna ninyo ang mga pangsirang damo, at inyong pagbibigkisin upang sunugin; datapuwa't tipunin ninyo ang trigo sa aking bangan” (Mateo 13:30).

“Ang pagaani ay ang katapusan ng sanglibutan; at ang mga mangaani ay ang mga anghel. Kung paano ang pagtipon sa mga pangsirang damo at pagsunog sa apoy; gayon din ang mangyayari sa katapusan ng sanglibutan. Susuguin ng Anak ng tao ang kaniyang mga anghel, at kanilang titipunin sa labas ng kaniyang kaharian ang lahat ng mga bagay na nangakapagpapatisod, at ang nagsisigawa ng katampalasanan, At sila'y igagatong sa kalan ng apoy: diyan na nga ang pagtangis at ang pagngangalit ng mga ngipin. Kung magkagayo'y mangagliliwanag ang mga matuwid na katulad ng araw sa kaharian ng kanilang Ama. Ang may mga pakinig, ay makinig” (Mateo 13:39–43).

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Sa panghuli Niyang gawain ng pagwawakas sa kapanahunan, ang disposisyon ng Diyos ay isang pagkastigo at paghatol, kung saan inihahayag Niya ang lahat ng di-matuwid, upang hayagang hatulan ang lahat ng tao, at gawing perpekto ang mga nagmamahal nang tapat sa Kanya. Ang ganitong disposisyon lamang ang makapagwawakas sa kapanahunang ito. Dumating na ang mga huling araw. Lahat ng bagay na nilikha ay pagbubukud-bukurin ayon sa uri nila, at hahatiin sa iba’t ibang kategorya ayon sa kanilang kalikasan. Ito ang sandali na ibubunyag ng Diyos ang kalalabasan at hantungan ng sangkatauhan. Kung hindi

sasailalim sa pagkastigo at paghatol ang mga tao, walang paraan para mailantad ang kanilang pagsuway at kasamaan. Sa pamamagitan lamang ng pagkastigo at paghatol mahahayag ang kalalabasan ng lahat ng nilikha. Ipinapakita lamang ng tao ang kanyang tunay na kulay kapag siya ay kinakastigo at hinahatulan. Ang masasama ay isasama sa masasama, ang mabubuti sa mabubuti, at ang buong sangkatauhan ay pagbubukud-bukurin ayon sa kanilang uri. Sa pamamagitan ng pagkastigo at paghatol, ang kalalabasan ng lahat ng nilikha ay mahahayag, para maparusahan ang masasama at magantimpalaan ang mabubuti, at lahat ng tao ay sasailalim sa pamamahala ng Diyos. Ang buong gawaing ito ay kailangang magawa sa pamamagitan ng matuwid na pagkastigo at paghatol. Dahil umabot na sa sukdulan ang katiwalian ng tao at napakalala na ng kanyang pagsuway, ang matuwid na disposisyon lamang ng Diyos, na pangunahing pinagsama ng pagkastigo at paghatol at inihahayag sa mga huling araw, ang ganap na babago at bubuo sa tao. Ang disposisyong ito lamang ang makapaglalantad sa kasamaan at sa gayon ay makapagbibigay nang matinding parusa sa lahat ng hindi matuwid.

Hinango mula sa “Ang Pangitain ng Gawain ng Diyos (3)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Batid mo na ba talaga ngayon kung bakit ka naniniwala sa Akin? Alam mo na ba talaga ang layunin at kabuluhan ng Aking gawain? Batid mo na ba talaga ang iyong tungkulin? Batid mo na ba talaga ang Aking patotoo? Kung naniniwala ka lamang sa Akin, ngunit walang bakas ng Aking kaluwalhatian o patotoo sa iyo, matagal na kitang itinakwil kung gayon. Para sa mga nakakaalam ng lahat ng bagay, sila’y lalo pang mga tinik sa Aking mata, at sa Aking tahanan, mga hadlang lamang sila sa Aking daan, sila ay mga panirang damo na dapat ay ganap na matahip palayo sa Aking gawain, wala silang silbi, wala silang halaga, at matagal Ko na silang kinasusuklaman. Madalas bumabagsak ang Aking poot sa lahat ng walang patotoo, at hindi kailanman lumilihis sa kanila ang Aking pamalo. Matagal Ko na silang ibinigay sa mga kamay ng masama; at wala na sa kanila ang

Aking mga pagpapala. Kapag dumating ang araw, ang kanilang pagkastigo ay magiging mas mabigat pa kaysa sa pagkastigo sa mga hangal na babae. Ngayon, ginagampanan Ko lang ang gawaing tungkulin Kong gampanan; pagbubungkus-bungkusin ko ang mga trigo, kasama ng mga panirang damo. Ito ang Aking gawain ngayon. Itatahip ang mga panirang damo sa panahon ng Aking pagtatahip, pagkatapos ang mga butil ng trigo ay iipunin sa kamalig, at ang mga panirang damo na natahip na ay itatapon sa apoy upang sunugin hanggang maging alabok. Ang Aking gawain ngayon ay igapos lang ang lahat ng tao sa mga bigkis, iyon ay, upang ganap na lupigin sila. Saka Ko sisimulan ang magtahip upang ibunyag ang katapusan ng lahat ng tao. Kung kaya't dapat mo nang malaman kung paano mo Ako dapat bigyang-kaluguran ngayon, at kung paano mo dapat itakda sa tamang landas ang iyong pananampalataya sa Akin.

Hinango mula sa "Ano ang Alam Mo sa Pananampalataya?" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang tao ay lubusang gagawing ganap sa Kapanahunan ng Kaharian. Pagkatapos ng gawain ng panlulupig, ang tao ay isasailalim sa pagpipino at kapighatian. Yaong mga makakapagtagumpay at makakatayong saksi sa panahon nitong kapighatian ay yaong mga gagawing ganap sa kahuli-hulihan; sila ang mga mananagumpay. Sa panahon nitong kapighatian, kinakailangan sa tao na tanggapin ang pagpipinong ito, at ang pagpipinong ito ang huling pagkakataon sa gawain ng Diyos. Ito ang huling panahon na pipinuhin ang tao bago ang pagtatapos ng lahat ng gawain ng pamamahala ng Diyos, at ang lahat ng sumusunod sa Diyos ay kailangang tanggapin itong huling pagsubok, kailangan nilang tanggapin itong huling pagpipino. Yaong mga lugmok sa kapighatian ay walang gawain ng Banal na Espiritu at paggabay ng Diyos, ngunit yaong mga tunay na nalupig na at tunay na naghahangad sa Diyos ay makakatayong matatag sa kahuli-hulihan; sila yaong mga may angking pagkatao, at siyang mga tunay na nagmamahal sa Diyos. Kahit na ano ang ginagawa ng Diyos, ang mga matagumpay na ito ay hindi mawawalan ng mga pangitain at patuloy pa ring magsasagawa

ng katotohanan nang hindi nabibigo sa kanilang patotoo. Sila yaong mga makalalampas sa matinding kapighatian sa wakas. Bagaman yaong mga naglalagay ng kanilang mga sarili sa mapanganib na sitwasyon para mabuhay ay maaari pa ring magpatuloy ngayon, walang makatatakas sa pangwakas na kapighatian, at walang makatatakas mula sa pangwakas na pagsubok. Para sa mga nagtatagumpay, ang ganoong kapighatian ay isang matinding pagpipino; ngunit para sa mga nangingisda sa maligalig na tubig, ito ang gawain ng ganap na pag-aalis. Kahit paano man sila sinusubukan, ang katapatan ng mga taong nasa puso nila ang Diyos ay nananatiling hindi nagbabago; ngunit para sa mga taong walang Diyos sa kanilang puso, sa sandaling ang gawain ng Diyos ay hindi kapaki-pakinabang sa kanilang laman, binabago nila ang kanilang pananaw tungkol sa Diyos, at nililisan pa ang Diyos. Ganoon ang mga hindi maninindigan sa katapusan, na naghahanap lamang ng mga pagpapala ng Diyos at walang pagnanais na gumugol ng kanilang mga sarili para sa Diyos at ialay ang kanilang mga sarili sa Kanya. Ang uring ito ng mga hamak na tao ay patatalsikin lahat kapag natapos na ang gawain ng Diyos, at hindi sila karapat-dapat sa kahit na anong awa. Yaong mga walang pagkatao ay walang kakayahang mahalin ang Diyos nang tunay. Kapag ang paligid ay tiwasay at ligtas, o may pakinabang na matatamo, sila ay lubusang masunurin sa Diyos, ngunit sa sandaling ang kanilang ninanais ay nalagay sa alanganin o hindi nila nakuha, ay agad silang naghihimagsik. Kahit na pagkatapos lamang ng isang gabi, maaari silang magbago mula sa isang nakangiti at “mabait” na tao tungo sa isang pangit at mabangis na mamamatay-tao, biglang itinuturing na mortal na kaaway ang kanilang tagapagpala kahapon nang walang pagkatugma o kadahilanan. Kung ang mga demonyong ito ay hindi napalayas, ang mga demonyong ito na papatay nang walang kurap, hindi ba sila magiging isang tagong panganib? Ang gawain ng pagliligtas sa tao ay hindi nakakamit pagkatapos ng kaganapan ng gawaing panlulupig. Kahit natapos na ang gawain ng panlulupig, ang gawain ng pagdadalisay sa tao ay hindi pa natapos; ang gayong gawain ay matatapos lamang sa sandaling ang tao ay lubusang

nagawa nang dalisay, sa sandaling yaong mga tunay na nagpapasakop sa Diyos ay nagawa nang ganap, at sa sandaling yaong mga mapagpanggap na walang Diyos sa kanilang mga puso ay naalis na. Yaong mga hindi nakalulugod sa Diyos sa huling yugto ng Kanyang gawain ay lubusang aalisin, at yaong mga naaalis ay pag-aari ng diyablo. Dahil hindi nila kayang paluguran ang Diyos, sila ay suwail sa Diyos, at kahit na sumusunod ang mga taong ito sa Diyos ngayon, ito ay hindi nagpapatunay na sila ang mga mananatili sa wakas. Sa mga salitang "yaong mga sumunod sa Diyos hanggang sa katapusan ay tatanggap ng kaligtasan," ang kahulugan ng "sumunod" ay tumayo nang matatag sa kabila ng kapighatian. Ngayon, marami ang naniniwala na madali ang sumunod sa Diyos, ngunit kapag ang gawain ng Diyos ay malapit nang matapos, malalaman mo ang tunay na kahulugan ng "sumunod." Hindi dahil kaya mo pang sumunod sa Diyos ngayon matapos lupigin, ito ay hindi nagpapatunay na isa ka sa mga gagawing perpekto. Yaong mga hindi kinakayang pagtiisan ang mga pagsubok, silang mga hindi kayang maging matagumpay sa gitna ng kapighatian ay hindi makakayang tumayo nang matatag sa kahuli-hulihan, kaya't hindi makakayang sumunod sa Diyos hanggang sa katapus-katapusan. Ang mga tunay na sumusunod sa Diyos ay kayang matagalan ang pagsubok ng kanilang gawain, samantalang yaong mga hindi talaga sumusunod sa Diyos ay hindi kayang matagalan ang anumang mga pagsubok ng Diyos. Hindi magtatagal, sila ay mapatatalsik, habang ang mga mananagumpay ay mananatili sa kaharian. Kung ang tao ay tunay na naghahanap sa Diyos o hindi ay nalalaman sa pamamagitan ng pagsubok sa kanyang gawain, iyon ay, sa pamamagitan ng mga pagsubok ng Diyos, at walang kaugnayan sa pagpapasya ng tao mismo. Hindi tinatanggihan ng Diyos ang sinumang tao kung kailan Niya gusto; lahat ng ginagawa Niya ay lubusang makakahikayat sa tao. Hindi Siya gumagawa ng anumang bagay na hindi nakikita ng tao, o anumang gawain na hindi makahihikayat sa tao. Kung ang paniniwala ng tao ay tunay o hindi, ay napapatotohanan ng mga katunayan at hindi mapagpapasyahan ng tao. Walang duda na ang "trigo ay hindi

magagawang mapanirang damo, at ang mapanirang damo ay hindi magagawang trigo.” Ang lahat ng tunay na nagmamahal sa Diyos ay mananatili sa kaharian sa kahuli-hulihan, at hindi pagmamalabisan ng Diyos ang sinumang tunay na nagmamahal sa Kanya.

Hinango mula sa “Ang Gawain ng Diyos at ang Pagsasagawa ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Tulad ng nasabi Ko, naipadala ni Satanas yaong mga nagsisilbi para sa Akin upang gambalain ang Aking pamamahala. Mga mapanirang damo ang mga tagapag-silbing ito, pero hindi tumutukoy sa mga panganay na anak ang mga trigo, kundi sa lahat ng anak at mga tao na hindi mga panganay na anak. “Palaging magiging trigo ang trigo, palaging magiging mapanirang damo ang mapanirang damo”; ibig sabihin nito na hindi kailanman maaaring magbago ng kalikasan yaong mga kay Satanas. Kaya, sa maikling salita, nananatili sila bilang Satanas. Ibig sabihin ng trigo ay ang mga anak at ang bayan, dahil bago ang paglikha ng mundo idinagdag Ko sa mga taong ito ang Aking katangian. Dahil nasabi Ko noon na hindi nagbabago ang kalikasan ng tao, palaging magiging trigo ang trigo.

Hinango mula sa “Kabanata 113” ng Mga Pagbigkas ni Cristo sa Pasimula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Yamang tinatawag kayo na Aking mga tao, dapat ninyong makayang luwalhatiin ang Aking pangalan; ibig sabihin, magpatotoo sa gitna ng pagsubok. Kung tangkain ng sinuman na utuin Ako at itago ang totoo sa Akin, o sumali sa nakahihiyang mga gawain habang nakatalikod Ako, palalayasin ang gayong mga tao, lahat sila, at aalisin mula sa Aking bahay upang maghintay na harapin Ko sila. Yaong mga naging taksil at masuwayin sa Akin noong araw, at ngayon ay muling nagbabangon upang hatulan Ako nang lantaran—sila man ay palalayasin sa Aking bahay. Yaong Aking mga tao ay kailangang palaging magpakita ng konsiderasyon sa Aking mga pasanin at hangarin ding maunawaan ang Aking mga salita. Ang mga tao lamang na katulad nito ang Aking liliwanagan, at siguradong mabubuhay sila sa ilalim ng Aking patnubay at kaliwanagan, nang hindi

kailanman humaharap sa pagkastigo. Yaong mga tao, na bigong magpakita ng konsiderasyon sa Aking mga pasanin, na nagtutuon sa pagpaplano para sa sarili nilang hinaharap—ibig sabihin, yaong mga walang layuning kumilos upang palugurin ang puso Ko, kundi sa halip ay naghahanap ng mga bigay-bigay—ang mga tila-pulubing nilalang na ito ang ayaw Ko talagang kasangkapanin, dahil mula nang ipanganak sila, wala silang anumang alam kung ano ang kahulugan ng magpakita ng konsiderasyon sa Aking mga pasanin. Sila ay mga taong walang normal na katinuan; ang gayong mga tao ay maysakit na “malnutrisyon” sa utak, at kailangang umuwi para sa kaunting “pangangalaga.” Walang silbi sa Akin ang gayong mga tao. Sa Aking mga tao, lahat ay kailangang maobligang ituring na tungkulin nilang makilala Ako na dapat makita hanggang sa huli, tulad ng pagkain, pagbibihis, at pagtulog, isang bagay na hindi kailanman nalilimutan ng isang tao sa isang saglit, upang sa bandang huli, ang pagkilala sa Akin ay maging kasing-pamilyar ng pagkain—isang bagay na ginagawa mo nang walang kahirap-hirap, na praktisado ang kamay. Tungkol naman sa mga salitang Aking sinasambit, bawat isa nito ay kailangang tanggapin nang may sukdulang pananampalataya at lubos na maunawaan; hindi maaaring magkaroon ng mga pagkilos na walang interes at hindi lubus-lubusan. Sinumang hindi pumapansin sa Aking mga salita ay ituturing na tuwirang lumalaban sa Akin; sinumang hindi kumakain ng Aking mga salita, o hindi naghahangad na malaman ang mga iyon, ay ituturing na hindi nakikinig na mabuti sa Akin, at tuwirang palalabasin sa pintuan ng Aking bahay. Ito ay dahil, tulad ng sinabi Ko na noong araw, ang nais Ko ay hindi ang maraming tao, kundi ang kahusayan. Sa isandaang tao, kung iisa lamang ang nakakakilala sa Akin sa pamamagitan ng Aking mga salita, handa Akong itapon ang lahat ng iba pa upang liwanagan at paliwanagin ang iisang ito. Mula rito ay makikita ninyo na hindi palaging totoo na sa mas malaking bilang ng mga tao lamang Ako maaaring makita at maisabuhay. Ang nais Ko ay trigo (kahit maaaring hindi puno ang mga butil) at hindi mga mapanirang damo (kahit puno ang mga butil para hangaan). Tungkol naman sa mga walang pakialam sa

paghahangad, kundi sa halip ay pabaya kung kumilos, dapat silang kusang umalis; ayaw Ko na silang makita, kung hindi ay patuloy silang magbibigay ng kahihiyan sa Aking pangalan.

Hinango mula sa “Kabanata 5” ng Mga Salita ng Diyos sa Buong Sansinukob sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Maaaring nagdusa ka nang matindi sa iyong panahon, nguni’t wala ka pa ring nauunawaan; ikaw ay mangmang sa lahat ng bagay tungkol sa buhay. Kahit na ikaw ay nakastigo at nahatulan na, hindi ka pa rin nagbago sa anumang paraan, at sa iyong kaibuturan, hindi ka nakatamo ng buhay. Pagdating ng panahon para subukin ang iyong gawain, makararanas ka ng isang pagsubok na kasingbangis ng apoy at higit pang matinding kapighatian. Gagawing abo ng apoy na ito ang iyong buong pagkatao. Bilang isa na hindi nagtataglay ng buhay, isa na wala ni isang onsang dalisay na ginto sa loob, isa na nakakapit pa rin sa dating tiwaling disposisyon, at isa na ni hindi makagawa ng isang mahusay na trabaho bilang isang hambingan, paanong hindi ka maaalis? Mayroon bang silbi sa gawaing panlulupig ang isa na mas mababa pa ang halaga kaysa sa isang kusing, isa na hindi nagtataglay ng buhay? Kapag dumating ang panahong iyon, ang inyong mga araw ay magiging mas mahirap kaysa roon nina Noe at ng Sodoma! Ang iyong mga panalangin ay walang magagawang mabuti para sa iyo sa panahong iyon. Kapag natapos na ang gawaing pagliligtas, paano ka makakabalik kalaunan at mag-uumpisang muli na magsisi? Sa sandaling ang lahat ng gawaing pagliligtas ay nagawa na, hindi na magkakaroon pa; ang magaganap ay ang simula ng gawain ng pagpaparusa sa mga yaon na masama. Ikaw ay lumalaban, ikaw ay naghihimagsik, at ikaw ay gumagawa ng mga bagay na alam mong masama. Hindi ba ikaw ang pinatutungkulan ng mabigat na kaparusahan? Nililinaw Ko ito sa iyo ngayon. Kung pipiliin mong huwag makinig, kapag sumapit sa iyo ang sakuna kinalaunan, hindi ba magiging huli na kung noon mo lamang sisimulang madama ang pagsisisi at sisimulang maniwala? Ibinibigay Ko sa iyo ang isang pagkakataon na magsisi ngayon,

nguni't ayaw mo. Gaano katagal mo nais maghintay? Hanggang sa araw ba ng pagkastigo? Hindi Ko natatandaan ngayon ang iyong nakaraang mga paglabag; pinapatawad Kita nang paulit-ulit, tinatalikdan ang iyong negatibong panig upang tumingin lamang sa iyong positibong panig, sapagka't lahat ng Aking salita at gawain sa kasalukuyan ay upang iligtas ka at wala Akong masamang layunin sa iyo. Nguni't tumatanggi kang pumasok; hindi mo makita ang pagkakaiba ng mabuti sa masama at hindi mo alam kung paano pahalagahan ang kagandahang-loob. Hindi ba ang gayong mga tao ay naghihintay lamang sa pagdating ng kaparusahan at matuwid na kagantihan?

Hinango mula sa "Ang Katotohanang Nakapaloob sa Gawain ng Panlulupig (1)" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Bago pumasok sa pamamahinga ang sangkatauhan, matutukoy kung parurusahan ba o gagantimpalaan ang bawat uri ng tao ayon sa kung hinangad ba nila ang katotohanan, kung kilala ba nila ang Diyos, at kung maaari ba silang magpasakop sa nakikitang Diyos. Salat sa katotohanan yaong mga nagsagawa ng paglilingkod sa nakikitang Diyos, subalit hindi Siya nakikilala o nagpapasakop sa Kanya. Tagagawa ng kasamaan ang gayong mga tao, at walang alinlangang magiging mga pakay ng kaparusahan ang mga tagagawa ng kasamaan; higit pa rito, parurusahan sila ayon sa kanilang buktot na pag-uugali. Ang Diyos ay para sa mga tao na paniwalaan, at karapat-dapat din Siya sa kanilang pagtalima. Ang mga taong hindi naniniwala sa Diyos at hindi nagagawang magpasakop sa Diyos ay yaong mga may pananampalataya lamang sa malabo at di-nakikitang Diyos. Kung hindi pa rin magagawang maniwala ng mga taong ito sa nakikitang Diyos sa oras na natapos ang gawain Niya ng panlulupig, at magpapatuloy sa pagiging masuwayin at lumalaban sa Diyos na nakikita sa katawang-tao, walang alinlangan na itong "mga tagasunod ng malabong Diyos" na ito, sa huli, ay magiging mga pakay ng pagwasak. Katulad din ito ng ilan sa inyo—sinumang kumikilala sa salita sa Diyos na nagkatawang-tao, ngunit hindi maisagawa ang katotohanan ng pagpapasakop sa Diyos

na nagkatawang-tao, sa huli ay magiging pakay ng pag-aalis at pagwasak. Bukod dito, sinuman ang pasalitang kumikilala sa nakikitang Diyos, kumakain at umiinom ng katotohanang ipinapahayag Niya habang hinahangad din ang malabo at di-nakikitang Diyos, ay higit sa malamang na wawasakin sa hinaharap. Wala sa mga taong ito ang magagawang manatili hanggang sa oras ng pamamahinga na darating makaraang natapos na ang gawain ng Diyos, o makakaya ng isang tao na katulad ng gayong mga tao na manatili sa oras na iyon ng pamamahinga. Ang malademonyong mga tao ay yaong mga hindi isinasagawa ang katotohanan; paglaban at pagsuway sa Diyos ang diwa nila, at wala silang bahagya mang layon na magpasakop sa Kanya. Wawasakin ang lahat ng gayong tao. Nakasalalay sa iyong diwa, hindi sa iyong kaanyuan o kung paano ka magsalita o umasal paminsan-minsan, kung taglay mo ang katotohanan o kung lumalaban ka sa Diyos. Natutukoy sa diwa ng tao kung siya ba ay wawasakin o hindi; pinagpapasyahan ito ayon sa diwang inihahayag ng asal ng isang tao at ang pagtataguyod ng isang tao sa katotohanan. Sa mga taong magkakatulad sa isa't isa sa kanilang gawain, at gumagawa ng magkakasingdaming gawain, yaong mga mabubuti ang pantaong diwa at nagtataglay ng katotohanan ay ang mga taong tutulutang manatili, habang yaong masasama ang pantaong diwa at sumusuway sa nakikitang Diyos ay yaong mga magiging pakay ng pagkawasak. Ang lahat ng gawain o mga salita ng Diyos na kaugnay sa hantungan ng sangkatauhan ay angkop na iwawasto sa mga tao ayon sa diwa ng bawat isa; walang magaganap na bahagya mang kamalian, at walang magagawang isa mang pagkakamali. Tuwing gumagawa lamang ng gawain ang mga tao na nahahaluan ito ng damdamin at kahulugan. Pinakaangkop ang gawaing ginagawa ng Diyos; lubusan Siyang hindi naglalabas ng mga maling paratang laban sa sinumang nilalang. Maraming tao sa kasalukuyan ang hindi nagagawang mahiwatigan ang hantungan ng sangkatauhan sa hinaharap at hindi naniniwala sa mga salitang binibigkas Ko. Lahat ng yaong hindi naniniwala, gayundin ang mga hindi nagsasagawa ng katotohanan, ay mga demonyo!

Hinango mula sa “Papasok sa Pahinga ang Diyos at ang Tao Nang Magkasama” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa panahong ito, yaong mga naghahangad at yaong mga hindi naghahangad ay dalawang ganap na magkaibang uri ng mga tao, na may labis na magkaiba ring mga hantungan. Yaong mga nagtataguyod sa kaalaman ng katotohanan at nagsasagawa ng katotohanan ang mga siyang pagdadalhan ng Diyos ng kaligtasan. Yaong mga hindi nababatid ang tunay na daan ay mga demonyo at kaaway; mga inapo sila ng arkanghel at magiging mga pakay ng pagwasak. Kahit yaong mga maka-Diyos na tagapaniwala ng isang malabong Diyos—hindi ba’t mga demonyo rin sila? Ang mga taong nagtataglay ng mabubuting budhi ngunit hindi tinatanggap ang tunay na daan ay mga demonyo; paglaban sa Diyos ang kanilang diwa. Yaong mga hindi tinatanggap ang tunay na daan ay yaong mga lumalaban sa Diyos, at kahit nagtitiis ng maraming hirap ang gayong mga tao, wawasakin pa rin sila. Yaong mga mabigat sa kalooban na talikdan ang mundo, na hindi matiis na mawalay sa kanilang mga magulang, at hindi makatiis na alisin sa kanilang mga sarili ang mga pagtatamasa sa laman ay masuwayin sa Diyos, at magiging mga pakay ng pagkawasak. Sinumang hindi naniniwala sa Diyos na nagkatawang-tao ay malademonyo at, higit pa rito, wawasakin sila. Yaong mga may pananampalataya ngunit hindi isinasagawa ang katotohanan, yaong mga hindi naniniwala sa Diyos na nagkatawang-tao, at yaong mga hinding-hindi naniniwala sa pag-iral ng Diyos ay magiging mga pakay din ng pagwasak. Lahat yaong mga pahihintulutang manatili ay mga taong nagdaan na sa pagdurusa ng pagpipino at matatag na nanindigan; mga tao itong tunay na tiniis ang mga pagsubok. Sinumang hindi kumikilala sa Diyos ay isang kaaway; ibig sabihin, sinumang hindi kumikilala sa Diyos na nagkatawang-tao—nasa loob man sila o nasa labas ng daloy na ito—ay isang anticristo! Sino si Satanas, sino ang mga demonyo, at sino ang mga kaaway ng Diyos kundi ang mga mapanlaban na hindi naniniwala sa Diyos? Hindi ba sila yaong mga taong masuwayin sa Diyos? Hindi ba sila yaong mga

umaangkin na may pananampalataya, subalit salat sa katotohanan? Hindi ba sila yaong mga naghahangad na matamo lamang ang mga pagpapala samantalang hindi magawang magpatotoo para sa Diyos? Nakikihalubilo ka pa rin ngayon sa mga demonyong iyon at nag-uukol ng budhi at pagmamahal sa kanila, ngunit sa pangyayaring ito, hindi ka ba nag-aabot ng mabubuting layon kay Satanas? Hindi ka ba nakikisama sa mga demonyo? Kung hindi pa rin magawa ng mga tao sa mga araw na ito na makita ang kaibhan ng mabuti at masama, at patuloy na bulag na maging mapagmahal at maawain nang walang anumang layon na hangarin ang kalooban ng Diyos o magawang kupkupin bilang kanila sa anumang paraan ang mga layunin ng Diyos, magiging higit na kahabag-habag ang kanilang mga katapusan. Kaaway ng Diyos ang sinumang hindi naniniwala sa Diyos sa katawang-tao. Kung nakapag-uukol ka ng budhi at pagmamahal sa isang kaaway, hindi ka ba salat sa kahulugan ng pagiging matuwid? Kung bumabagay ka sa mga yaong kinamumuhian Ko at hindi Ko sinasang-ayunan, at nag-uukol pa rin ng pagmamahal o pansariling damdamin sa kanila, hindi ka ba masuwayin sa gayon? Hindi mo ba sinasadyang labanan ang Diyos? Nagtataglay ba ng katotohanan ang gayong tao? Kung nag-uukol ng budhi ang mga tao patungkol sa mga kaaway, pagmamahal sa mga demonyo, at habag kay Satanas, hindi ba nila sinasadyang gambalain ang gawain ng Diyos sa gayon? Yaong mga tao na naniniwala lamang kay Jesus at hindi naniniwala sa Diyos na nagkatawang-tao sa mga huling araw, gayundin yaong mga pasalitang inaangkin na naniniwala sa Diyos na nagkatawang-tao ngunit gumagawa ng masama, ay pawang anticristo, kahit hindi pa banggitin yaong mga hindi man lamang naniniwala sa Diyos. Magiging mga pakay ng pagwasak ang lahat ng taong ito. Nakabatay sa kanilang pag-uugali ang pamantayang ginagamit ng mga tao upang hatulan ang ibang mga tao; matuwid yaong ang asal ay mabuti, habang buktot yaong ang asal ay karumal-dumal. Ang pamantayan ng Diyos sa paghatol sa mga tao ay batay sa kung nagpapasakop ba o hindi sa Kanya ang kanilang diwa; matuwid na tao ang nagpapasakop sa Diyos, samantalang ang hindi nagpapasakop ay kaaway

at isang buktot na tao, mabuti man o masama ang pag-uugali ng taong ito at kung tama man o mali ang kanyang pananalita. Nais ng ilang tao na gumamit ng mabubuting gawa upang magtamo ng magandang hantungan sa hinaharap, at nais ng ilang mga tao na gumamit ng maiinam na salita upang magkamit ng mabuting hantungan. Maling naniniwala ang lahat na natutukoy ng Diyos ang kalalabasan ng mga tao pagkaraang mamasdan ang kanilang pag-uugali o pagkaraang makinig sa kanilang pananalita; kaya maraming tao ang nagnanais samantalahin ito upang linlangin ang Diyos na gawaran sila ng isang panandaliang pagtatangi. Sa hinaharap, ang mga taong makaliligtas sa isang kalagayan ng pamamahinga ay napagtiisan na ang lahat ng araw ng pagdurusa at nakapagpatotoo na rin para sa Diyos; lahat sila ay magiging mga tao na tinupad na ang kanilang mga tungkulin at kusa nang nagpasakop sa Diyos. Yaong mga nais lamang gamitin ang pagkakataon na gawin ang paglilingkod na kasama ang balak na iwasan ang pagsasagawa ng katotohanan ay hindi pahihintulutang manatili.

Hinango mula sa “Papasok sa Pahinga ang Diyos at ang Tao Nang Magkasama” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

May mga naaangkop na pamantayan ang Diyos para sa pag-aayos ng mga kalalabasan ng bawat tao; hindi Siya basta gumagawa ng mga kapasiyahang ito ayon sa mga salita at asal ng isang tao, o gumagawa Siya ng mga ito batay sa kung paano kumikilos ang isang tao sa isang tagal ng panahon. Lubos na hindi siya magiging maluwag hinggil sa buktot na asal ng isang tao dahil sa nakaraang paglilingkod nito sa Kanya, o hindi rin Niya ililigtas ang isang tao mula sa kamatayan dahil sa minsanang gugulin para sa Diyos. Walang sinuman ang makaiiwas sa paghihiganti para sa kanilang kabuktutan, at walang sinuman ang mapagtatakpan ang kanilang masamang pag-uugali at sa gayon ay makaiiwas sa mga paghihirap ng pagkawasak. Kung totoong matutupad ng mga tao ang sarili nilang tungkulin, nangangahulugan ito na walang hanggang matapat sila sa Diyos at hindi hinahangad ang mga pabuya, tumatanggap man sila ng mga

biyaya o nagdurusa sa kasawian. Kung matapat sa Diyos ang mga tao kapag nakikita nila ang mga biyaya, ngunit nawawala ang kanilang katapatan kapag hindi nila nakikita ang anumang mga biyaya, at kung, sa huli, ay hindi pa rin nila nagagawang magpatotoo para sa Diyos o tuparin ang mga tungkuling kasalukuyang hawak nila, magiging mga pakay pa rin sila ng pagkawasak kahit pa dati na silang nakapagbigay ng matapat na paglilingkod sa Diyos. Sa madaling salita, hindi maaaring makaligtas hanggang sa kawalang-hanggan ang mga taong buktot, o makapapasok sa pamamahinga; tanging ang mga matuwid ang mga panginoon ng pamamahinga. Sa sandaling nasa tamang landas ang sangkatauhan, ang mga tao ay magkakaroon ng normal na buhay ng tao. Gagawin nilang lahat ang kani-kaniyang mga tungkulin at magiging ganap na matapat sa Diyos. Lubos nilang lalagasin ang kanilang pagsuway at ang kanilang mga tiwaling disposisyon, at mabubuhay sila para sa Diyos at dahil sa Diyos, nang walang pagsuway at paglaban. Magagawa nilang lahat na ganap na magpasakop sa Diyos. Ito ang magiging buhay ng Diyos at ng sangkatauhan; ito ang magiging buhay ng kaharian, at magiging isang buhay ito ng pamamahinga.

Hinango mula sa “Papasok sa Pahinga ang Diyos at ang Tao Nang Magkasama” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

104. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa Pagitan ng Positibo at Negatibong mga Bagay

(1) Tukuyin kung produkto ng gawain ng Diyos ang isang bagay at nakakatugon sa Kanyang pagsang-ayon, o kung nagmumula ito kay Satanas at sa mga masasamang espiritu, o naproseso at nakubli ng mga ito;

(2) Tukuyin kung isa itong bagay na iniuutos ng Diyos na hanapin at taglayin ng mga tao—isang bagay na naaayon sa katotohanang salita ng Diyos—o kung isa itong bagay na nabibilang sa mga makamundong hilig at hinahanap ng mga makamundong tao;

(3) Tukuyin kung isa itong bagay na nakapagpapatibay at kapaki-

pakinabang sa buhay ng tao, isang bagay na nagpapapositibo sa tao at nagpapataas sa kanila, o kung ginagawa nitong tiwali at sinisira ang tao, na ginagawa siyang negatibo at winawasak siya;

(4) Tukuyin kung isa itong bagay na nagpapanumbalik sa tao sa normal na pagkatao at inaakay siyang igalang at sambahin ang Diyos, o kung isa itong bagay na nakapagpapasama at nagpapalala sa tao at inaakay siya patungo sa kamatayan.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ano ang mga positibong bagay? Ang lahat ng direktang nanggagaling sa Diyos ay positibo. Gayunman, ang disposisyon ng tao ay naproseso na ni Satanas at hindi kayang kumatawan sa Diyos. Tanging ang pag-ibig, ang kahandaan na magdusa, ang katuwiran, pagpapasakop, at pagpapakumbaba at pagkatago ng nagkatawang-taong Diyos ang direktang kumakatawan sa Diyos. Ito ay dahil noong Siya ay pumarito, Siya ay dumating nang walang makasalanang kalikasan at direktang dumating mula sa Diyos, nang hindi naproseso ni Satanas. Si Jesus ay kawangis lamang ng makasalanang laman at hindi kumakatawan sa kasalanan; samakatuwid, ang Kanyang mga kilos, gawa, at salita, hanggang sa panahon bago ang Kanyang pagtupad ng gawain sa pamamagitan ng pagpapapako sa krus (kabilang ang sandali ng Kanyang pagpapapako sa krus), ay lahat direktang kumakatawan sa Diyos.

Hinango mula sa “Ang Tiwaling Tao ay Walang Kakayahang Kumatawan sa Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Hindi nagtataglay ang Diyos Mismo ng mga sangkap ng pagsuway; mabuti ang Kanyang diwa. Siya ang pagpapahayag ng lahat ng kagandahan at kabutihan, gayundin ng lahat ng pagmamahal. Kahit sa katawang-tao, hindi gumagawa ang Diyos ng anumang sumusuway sa Diyos Ama. Maging kabayaran man ang paghahain ng Kanyang buhay, buong puso Siyang handa na gawin ito, at wala na Siyang ibang pipiliin. Hindi nagtataglay ang Diyos ng mga sangkap ng pagmamagaling o pagpapahalaga sa sarili, o yaong sa kapalaluan at pagmamataas; hindi

Siya nagtataglay ng mga sangkap ng kabuktutan. Nagmumula kay Satanas ang lahat-lahat ng sumusuway sa Diyos; si Satanas ang pinagmumulan ng lahat ng kapangitan at kabuktutan. Ang dahilan ng pagkakaroon ng tao ng mga katangiang kahalintulad ng kay Satanas ay dahil nagawa nang tiwali at nilinang na ni Satanas ang tao. Hindi nagawang tiwali ni Satanas si Cristo, kaya't ang mga katangian ng Diyos ang tangi Niyang inaangkin, at wala sa mga katangian ni Satanas.

Hinango mula sa "Ang Diwa ni Cristo ay ang Pagsunod sa Kalooban ng Ama sa Langit" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang disposisyon ng Diyos ay nabibilang sa Tagapamahala ng lahat ng bagay at mga buhay na nilalang, sa Panginoon ng lahat ng nilikha. Kumakatawan ang disposisyon Niya sa karangalan, kapangyarihan, pagkamaharlika, kadakilaan, at higit sa lahat, sa kataas-taasang kapangyarihan. Ang disposisyon Niya ay ang sagisag ng awtoridad, ang sagisag ng lahat ng matuwid, ang sagisag ng lahat ng marikit at mabuti. Higit pa riyan, isa itong sagisag Niya na hindi maaaring[a] madaig o masalakay ng kadiliman at ng anumang puwersa ng kaaway, at sagisag rin Niya na hindi maaaring masaktan (ni hindi rin Siya nagpaparayang masaktan)[b] ng sinumang nilikha. Ang disposisyon Niya ang sagisag ng pinakamataas na kapangyarihan. Walang tao o mga tao na kaya o maaari na manggambala sa gawain Niya o disposisyon Niya. Ngunit ang personalidad ng tao ay isa lamang tanda ng bahagyang kalamangan ng tao sa hayop. Ang tao, sa kanyang sarili, ay walang awtoridad, walang kasarinlan, at walang kakayahang lampasan ang sarili, ngunit sa diwa niya ay isang nilalang na napapayukyok para sa awa ng lahat ng uri ng mga tao, pangyayari, at bagay. Ang kagalakan ng Diyos ay dahil sa pag-iral at paglitaw ng pagkamakatuwiran at liwanag, dahil sa pagkawasak ng kadiliman at kasamaan. Nalulugod Siya sa pagdadala ng liwanag at ng isang mabuting buhay sa sangkatauhan; ang kagalakan Niya ay isang matuwid na kagalakan, isang sagisag ng pag-iral ng lahat ng bagay na positibo at, higit pa rito, isang sagisag ng pagkamapalad. Ang galit ng

Diyos ay dahil sa pinsalang dulot ng pag-iral at panghihimasok ng kawalan ng katarungan sa sangkatauhan Niya, dahil sa pag-iral ng kasamaan at kadiliman, dahil sa pag-iral ng mga bagay na nagtataboy sa katotohanan, at higit pa, dahil sa pag-iral ng mga bagay na sumasalungat sa kung anong mabuti at maganda. Ang galit Niya ay sagisag na hindi na umiiral ang lahat ng bagay na negatibo at, higit pa riyan, isa itong sagisag ng kabanalan Niya. Ang kalungkutan Niya ay dahil sa sangkatauhan na mayroon sana Siyang pag-asa ngunit nahulog na sila sa kadiliman, sapagkat hindi umaabot sa mga inaasahan Niya ang gawaing ginagawa Niya sa tao, at sapagkat lahat sa sangkatauhang minamahal Niya ay hindi kayang makapamuhay sa liwanag. Nakakaramdam Siya ng kalungkutan para sa inosenteng sangkatauhan, para sa tapat ngunit mangmang na tao, at para sa taong mabuti ngunit sa kanyang sariling mga pananaw ay nagkukulang. Ang kalungkutan Niya ay sagisag ng kabutihan Niya at ng awa Niya, isang sagisag ng kagandahan at ng kabaitan. Ang kaligayahan Niya, mangyari pa, ay nagmumula sa pagkatalo ng mga kaaway Niya at pagkakamit ng mabuting pananampalataya ng tao. Higit pa riyan, umuusbong ito mula sa pagpapatalsik at pagkawasak ng lahat ng puwersa ng kaaway, at sapagkat tumatanggap ang sangkatauhan ng mabuti at mapayapang buhay. Hindi katulad ng kagalakan ng tao ang kaligayahan ng Diyos; sa halip, ito ay ang pakiramdam ng paglikom ng magagandang bunga, isang pakiramdam na higit pa sa kagalakan. Ang kasiyahan Niya ay sagisag ng paglaya ng sangkatauhan sa pagdurusa mula sa oras na ito, at isang tanda ng pagpasok ng sangkatauhan sa isang daigdig ng liwanag. Ang mga damdamin ng sangkatauhan, sa kabilang banda, ay umuusbong na lahat para sa kapakanan ng sarili niyang mga interes at hindi para sa pagkamakatuwiran, liwanag, o kung ano ang maganda, at higit sa lahat, hindi para sa biyayang ipinagkaloob ng Langit. Ang mga damdamin ng sangkatauhan ay makasarili at nabibilang sa daigdig ng kadiliman. Hindi sila umiiral para sa kapakanan ng kalooban, lalong hindi para sa plano ng Diyos, at kaya ang tao at Diyos ay hindi kailanman maaaring pag-usapan nang magkasabay. Ang Diyos ay ang kataas-taasan sa walang hanggan at

marangal kailanman, samantalang ang tao ay hamak magpakailanman at walang halaga hanggang sa walang katapusan. Ito ay sapagkat ang Diyos ay walang hanggang gumagawa ng mga sakripisyo at nag-uukol ng sarili Niya para sa sangkatauhan; ang tao, gayunman, ay walang hanggang nangunguha at nagsisikap para lamang sa sarili niya. Ang Diyos ay walang katapusan ang pagpapakahirap para makaligtas ang sangkatauhan, gayon pa man, ang tao ay hindi kailanman nag-aambag ng anumang bagay para sa kapakanan ng liwanag o para sa pagkamakatuwiran. Kahit na nagsisikap ang tao sa maikling panahon, napakahina nito na hindi nito makakayanan ang isang dagok, dahil ang pagsisikap ng tao ay palaging para sa sarili niyang kapakanan at hindi para sa iba. Palaging makasarili ang tao, samantalang ang Diyos ay hindi makasarili magpakailanman. Ang Diyos ang pinagmumulan ng lahat ng makatarungan, mabuti, at maganda, habang ang tao ay ang siyang nagtatagumpay at nagpapamalas ng lahat ng kapangitan at kasamaan. Hindi kailanman babaguhin ng Diyos ang diwa ng pagkamakatuwiran at kagandahan Niya, gayon pa man, ang tao ay ganap na may kakayahan, sa anumang oras at sa anumang kalagayan, na ipagkanulo ang pagkamakatuwiran at lumayo mula sa Diyos.

Hinango mula sa “Napakahalagang Maintindihan ang Disposisyon ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Simple man o malalim sa tingin ang mga salitang sinasambit ng Diyos, lahat ng iyon ay mga katotohanang kailangang-kailangan ng tao habang pumapasok siya sa buhay; ang mga iyon ang pinagmumulan ng tubig na buhay na nagbibigay sa tao ng kakayahang mabuhay kapwa sa espiritu at laman. Ipinagkakaloob ng mga ito ang kailangan ng tao para manatiling buhay; ang mga prinsipyo at doktrina para pangasiwaan ang kanyang pang-araw-araw na buhay; ang landas, layunin, at direksyong kailangan niyang daanan para makatanggap ng kaligtasan; bawat katotohanan na dapat niyang taglayin bilang isang nilikha sa harapan ng Diyos; at bawat katotohanan tungkol sa kung paano sumusunod ang tao at sumasamba sa Diyos. Ang mga iyon ang garantiya na tumitiyak ng pananatiling buhay ng

tao, ang mga iyon ang pang-araw-araw na tinapay ng tao, at ang mga iyon din ang matibay na suportang nagbibigay-kakayahan sa tao na maging malakas at manindigan. Sagana ang mga iyon sa katotohanang realidad ng normal na pagkatao ayon sa pagsasabuhay rito ng nilikhang sangkatauhan, sagana sa katotohanang nagpapalaya sa sangkatauhan mula sa katiwalian at iniiwas sila sa mga patibong ni Satanas, sagana sa walang-pagod na pagtuturo, pangaral, paghihikayat, at pag-aliw na ibinibigay ng Lumikha sa nilikhang sangkatauhan. Ang mga iyon ang mga parolang gumagabay at nagbibigay liwanag sa mga tao para maunawaan ang lahat ng positibo, ang garantiya na tumitiyak na isasabuhay at tataglayin ng mga tao ang lahat ng matuwid at mabuti, ang pamantayan kung saan lahat ng tao, kaganapan, at bagay ay sinusukat, at pananda rin sa paglalakbay na nag-aakay sa mga tao tungo sa kaligtasan at sa landas ng liwanag.

Hinango mula sa “Pagkilala sa Diyos ang Landas tungo sa Pagkakaroon ng Takot sa Diyos at Pag-iwas sa Kasamaan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kapag hinuhusgahan ng Diyos ang isang tao, bagay o layon, ginagawa Niya ito ayon sa Kanyang disposisyon at Kanyang diwa. Kaya’t ano ang diwa at disposisyon ng Diyos? Sila ang katotohanan. Ang katotohanan ay ang pagpapahayag ng lahat ng positibong bagay; ito ang realidad ng lahat ng positibong bagay. Sa anong batayan hinuhusgahan ng Diyos ang lahat ng bagay, at ang mga tao, at bagay na nakakaharap ng tao? Sa batayan ng katotohanan. Kapag hinuhusgahan ng Diyos ang isang tao, nagsisimula Siya sa kanilang kalikasang diwa, ang kanilang mga motibo sa likod ng mga bagay na kanilang ginagawa, ang landas na kanilang tinatahak, pati na ang kanilang saloobin patungkol sa mga positibong bagay at sa katotohanan; dito nakabatay ang Kanyang paghuhusga. Nakabatay sa katotohanan ang kalalabasan ng Kanyang paghuhusga ng lahat ng kaganapan at bagay, samantalang nakabatay sa pilosopiya at lohika ni Satanas ang pagpapasiya ni Satanas ukol sa lahat ng kaganapan at bagay-bagay—ang eksaktong kabaligtaran ng

katotohanan. Pinasama ni Satanas ang buong sangkatauhan. Walang taglay na katotohanan ang mga tao, kinakatawan nila si Satanas, sila ang nagsisilbing pinakadiwa ni Satanas, at binibigyan nila ng pakahulugan ang lahat ng bagay batay sa bagay na kay Satanas. At ano ang kahihinatnan ng mga taong binibigyang pakahulugan ang lahat ng bagay sa ganitong paraan? Sinasalungat nito ang katotohanan; ito ang kabaligtaran ng katotohanan.

Hinango mula sa “Paano Makikilala ang Kalikasang Diwa ni Pablo” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Yaong mga kampon ng diyablo ay nabubuhay na lahat para sa kanilang mga sarili. Ang pagtingin nila sa buhay at mga salawikain ay kalimitang nagmumula sa mga kasabihan ni Satanas, tulad ng, “Bawat tao para sa kanyang sarili at bahala na ang iba.” Ang mga salitang sinambit ng mga diyablong haring iyon, ng matatayog, at ng mga pilosopo sa lupa ay naging ang mismong buhay ng tao. Lalo na, karamihan sa mga salita ni Confucius, na ipinangangalandakan ng mga Chinese na isang “pantas,” ay naging buhay na ng tao. Mayroon ding mga bantog na kasabihan ng Buddhism at Taoism, at ang madalas-sipiin na mga klasikong kasabihan ng iba’t ibang tanyag na tao; lahat ng ito ay mga balangkas ng mga pilosopiya ni Satanas at kalikasan ni Satanas. Ang mga ito rin ang pinakamahusay na paglalarawan at paliwanag tungkol sa kalikasan ni Satanas. Ang mga lason na ito na naipasok sa puso ng tao ay nagmumulang lahat kay Satanas; ni katiting ay walang nagmumula sa Diyos. Ang mga malademonyong salita na iyon ay diretsahan ding kumokontra sa salita ng Diyos. Napakalinaw na ang mga realidad ng lahat ng positibong bagay ay nagmumula sa Diyos, at lahat ng negatibong bagay na iyon na lumalason sa tao ay nagmumula kay Satanas. Samakatuwid, natatalos mo ang kalikasan ng isang tao at kung kanino siya kabilang mula sa pagtingin niya sa buhay at mga pinahahalagahan. Ginagawang tiwali ni Satanas ang mga tao sa pamamagitan ng edukasyon at impluwensya ng mga pambansang pamahalaan at ng mga sikat at dakila. Ang kanilang mga malademonyong

salita ay naging buhay kalikasan na ng tao. Ang “Bawat tao para sa kanyang sarili at bahala na ang iba” ay isang sikat na mala-satanas na kasabihan na naikintal na sa lahat at iyan ay naging buhay na ng tao. May iba pang salita ng pilosopiya para sa pamumuhay na katulad rin nito. Ginagamit ni Satanas ang mainam na tradisyunal na kultura ng bawa’t bayan para turuan ang mga tao, nagsasanhi sa sangkatauhan na mahulog at masadlak sa isang walang-hanggang bangin ng pagkawasak, at sa huli ay winawasak ng Diyos ang tao dahil naglilingkod sila kay Satanas at nilalabanan ang Diyos. Isipin na kunwari’y itinatanong mo ito sa isang tao na maraming taon nang aktibo sa lipunan, “Ipagpalagay nang nabubuhay ka na sa mundo at napakarami mo nang nagawa, anong mga bantog na kasabihan ang batayan mo sa buhay?” Maaaring sabihin niya, “Ang pinakamahalaga ay ‘Hindi gagalawin ng mga opisyal ang mga sipsip sa kanila, at ang mga hindi nambobola ay walang mapapala.’” Hindi ba kumakatawan ang mga salitang ito sa kanyang likas na pagkatao? Naging kalikasan na niya ang walang-pakundangang paggamit ng anumang paraan para makakuha ng katungkulan, at ang pagiging opisyal ang nagbibigay-buhay sa kanya. Marami pa ring mala-satanas na lason sa buhay ng mga tao, sa kanilang pag-uugali at asal; halos wala man lamang silang taglay na katotohanan. Halimbawa, ang mga pilosopiya nila sa pamumuhay, ang kanilang mga paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay, at kanilang mga kasabihan ay pawang puno ng mga lason ng malaking pulang dragon, at lahat ng ito ay galing kay Satanas. Kaya, lahat ng dumadaloy sa mga buto at dugo ng mga tao ay pawang kay Satanas. Lahat ng opisyal na iyon, na may kapangyarihan, at yaong mga nagtatagumpay ay may sarili nilang landas at lihim sa tagumpay. Hindi ba lubos na kumakatawan ang mga lihim na iyon sa kanilang likas na pagkatao? Napakalaki ng mga nagawa nila sa mundo, at walang sinumang nakakaaninag sa mga pakana at intrigang nasa likod ng mga iyon. Nagpapakita ito na lubhang masama at makamandag ang kanilang likas na pagkatao. Labis nang nagawang tiwali ni Satanas ang sangkatauhan. Ang kamandag ni Satanas ay dumadaloy sa dugo ng bawat tao, at makikita na

ang kalikasan ng tao ay tiwali, masama, at radikal, puno ng at lubos na nakalubog sa mga pilosopiya ni Satanas—ito, sa kabuuan nito, ay isang likas na pagkatao na nagtataksil sa Diyos. Ito ang dahilan kaya nilalabanan at sinasalungat ng mga tao ang Diyos.

Hinango mula sa “Paano Malalaman ang Kalikasan ng Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Naisara nang mahigpit ng kaalaman tungkol sa sinaunang kultura at kasaysayan na sumasaklaw sa ilang libong taon ang pag-iisip at mga pagkaintindi ng tao at ang pananaw ng kanyang isipan kaya hindi tinatablan at hindi nalulusaw ang mga ito.[1] Naninirahan ang mga tao sa ikalabing-walong ikot ng impiyerno, para lamang silang naitaboy ng Diyos sa mga bartolina, kung saan maaaring hindi kailanman makita ang liwanag. Naapi na nang husto ng pyudal na pag-iisip ang tao kaya halos hindi sila makahinga at naghahabol sila ng hininga. Wala sila ni katiting na lakas upang lumaban; ang ginagawa lamang nila ay tahimik na magtiis nang magtiis…. Walang sinumang nangahas kailanman na magpumiglas o ipagtanggol ang katuwiran at katarungan; talagang namumuhay lamang ang mga tao ng isang buhay na mas masahol pa sa hayop, sa ilalim ng mga paghampas at pang-aabuso ng pyudal na moralidad, araw-araw, at taun-taon. Hindi nila naisip kailanman na hanapin ang Diyos upang matamasa ang kaligayahan sa mundo ng tao. Para bagang napabagsak na ang mga tao hanggang sa maging para silang mga dahong nalaglag sa taglagas, lanta, tuyot, at manilaw-nilaw na kayumanggi. Matagal nang nawala ang alaala ng mga tao; kaawa-awa silang naninirahan sa impiyerno na tinatawag na mundo ng tao, naghihintay sa pagdating ng huling araw upang sama-sama silang mamatay sa impiyernong ito, na para bang ang huling araw na pinakahihintay nila ang araw na tatamasahin ng tao ang payapang kapahingahan. Nadala na ng pyudal na moralidad ang buhay ng tao sa “Hades,” na lalong nagpahina sa kapangyarihan ng tao na lumaban. Lahat ng uri ng pang-aapi ang nagtutulak sa tao, nang paunti-unti, na mahulog nang mas malalim sa Hades, palayo nang palayo sa Diyos,

hanggang sa siya ay maging isa nang ganap na estranghero ngayon sa Diyos at nagmamadaling iwasan Siya kapag sila ay nagkatagpo. Hindi Siya pinakikinggan ng tao at iniiwan Siyang nakatayong mag-isa sa isang tabi, na para bang hindi pa Siya nakilala ng tao kailanman, na hindi pa Siya nakita dati. Subalit matagal nang naghihintay ang Diyos sa tao sa mahabang paglalakbay sa buhay, na hindi kailanman ipinupukol ang Kanyang di-mapigilang galit sa kanya, tahimik lamang na naghihintay, nang walang imik, na magsisi ang tao at magsimulang muli. Matagal nang pumarito ang Diyos sa mundo ng tao upang makibahagi sa mga pagdurusa ng tao sa mundo. Sa lahat ng taon na namuhay Siya sa piling ng tao, wala pang nakatuklas sa Kanyang pag-iral. Tahimik lamang na tinitiis ng Diyos ang paghihirap ng pagiging hamak sa mundo ng tao habang isinasakatuparan ang gawaing personal Niyang dinala. Patuloy Siyang nagtitiis para sa kapakanan ng kalooban ng Diyos Ama at ng mga pangangailangan ng sangkatauhan, na nagdaranas ng mga pagdurusang hindi kailanman naranasan ng tao. Sa presensya ng tao tahimik Siyang naglingkod sa kanya, at sa presensya ng tao Siya ay nagpakumbaba, para sa kapakanan ng kalooban ng Diyos Ama at maging sa kapakanan ng mga pangangailangan ng sangkatauhan. Ang kaalaman tungkol sa sinaunang kultura ay parang balewalang ninakaw ang tao mula sa presensya ng Diyos at ipinasa siya sa hari ng mga diyablo at sa mga inapo nito. Nadala na ng Apat na Aklat at Limang Klasiko[c] ang pag-iisip at mga pagkaintindi ng tao sa isa pang kapanahunan ng paghihimagsik, na naging sanhi upang higit pa niyang sambahin ang mga sumulat ng Aklat/Klasiko ng mga Dokumento, at bilang resulta upang lalo pang palalain ang kanyang mga pagkaintindi tungkol sa Diyos. Walang kaalam-alam ang tao, walang-awang pinalayas ng hari ng mga diyablo ang Diyos mula sa kanyang puso at pagkatapos ay tuwang-tuwang matagumpay niya mismong inokupa iyon. Mula noon, nag-angkin na ang tao ng pangit at masamang kaluluwa at ng mukha ng hari ng mga diyablo. Napuno ng poot sa Diyos ang kanyang dibdib, at lumaganap ang galit na kasamaan ng hari ng mga diyablo sa kalooban ng tao araw-araw hanggang sa lubos siyang lamunin nito. Wala

na ni katiting na kalayaan ang tao at walang paraang makalaya mula sa mga bitag ng hari ng mga diyablo. Wala siyang nagawa kundi magpabihag noon mismo, sumuko at magpatirapa sa pagpapasakop sa presensya nito. Noong araw, nang bata pa ang puso't kaluluwa ng tao, itinanim doon ng hari ng mga diyablo ang binhi ng tumor ng ateismo, na nagtuturo sa kanya ng mga kamaliang gaya ng "mag-aral ng siyensya at teknolohiya; alamin ang Apat na Modernisasyon; at walang Diyos sa mundo." Hindi lamang iyan, ipinapahayag nito sa bawat pagkakataon, "Umasa tayo sa ating kasipagan para makabuo tayo ng sarili nating magandang bayan," na hinihiling sa bawat tao na maging handa mula sa pagkabata na matapat na makapaglingkod sa kanilang bansa. Dinala ang tao, nang walang kamalay-malay, sa presensya nito, kung saan walang pag-aatubiling kinamkam nito ang buong karangalan (ibig sabihin ay ang karangalang nauukol sa Diyos sa pagpigil sa buong sangkatauhan sa Kanyang mga kamay) para sa sarili nito. Hindi ito nagkaroon ng anumang kahihiyan kailanman. Bukod pa rito, hindi ito nahiyang agawin ang mga tao ng Diyos at hilahin sila pabalik sa bahay nito, kung saan tumalon ito na parang daga papunta sa ibabaw ng mesa at pinasamba ang tao rito bilang Diyos. Napakadesperado nito! Iskandaloso itong sumisigaw ng mga bagay na nakakagulat, tulad ng: "Walang Diyos sa mundo. Ang hangin ay nagmumula sa mga pagbabago ayon sa mga batas ng kalikasan; ang ulan ay dumarating kapag sumisingaw ang tubig, na sumasalubong sa malalamig na temperatura, bumabagsak bilang mga patak sa lupa; ang lindol ay pagyanig ng ibabaw ng lupa dahil sa mga pagbabagong nangyayari dito; ang tagtuyot ay dulot ng pagkatuyo ng hangin kapag gumalaw ang pinakagitna sa ibabaw ng araw. Ang mga ito ay mga kababalaghan ng kalikasan. Nasaan, sa lahat ng ito, ang gawain ng Diyos?" Mayroon pa ngang mga sumisigaw ng mga pahayag na gaya ng sumusunod, mga bagay na hindi dapat ipahayag: "Ang tao ay nagmula sa unggoy noong unang panahon, at ang mundo ngayon ay nagmumula sa sunud-sunod na mga sinaunang lipunan na nagsimula humigit-kumulang isang bilyong taon na ang nakakaraan. Ang pag-unlad o pagbagsak ng isang bansa ay nakasalalay sa mga kamay ng

mga mamamayan nito.” Sa likod nito, isinasabit ito ng tao sa dingding o ipinapatong ito sa mesa upang pagpitaganan at alayan iyon. Kasabay ng pagsigaw nito ng, “Walang Diyos,” itinataas nito ang sarili bilang Diyos, walang habas na itinutulak ang Diyos palabas ng mga hangganan ng lupa, samantalang nakatayo sa lugar ng Diyos at kumikilos bilang ang hari ng mga diyablo. Hindi na talaga makatwiran! Dahil dito, sagad sa buto ang pagkamuhi rito ng tao. Tila mortal na magkaaway sila ng Diyos, at hindi maaaring magkasama silang dalawa. Nagbabalak itong itaboy ang Diyos palayo samantalang ito ay malayang gumagala, nang hindi nasasakop ng batas.[2] Hari nga ito ng mga diyablo! Paano matitiis ang pag-iral nito? Hindi ito magpapahinga hangga’t hindi nito nagugulo ang gawain ng Diyos at iniiwan itong ganap na magulo,[3] na para bang nais nitong labanan ang Diyos hanggang sa huli, hanggang sa mamatay ang mga isda o masira ang lambat, na sadyang nilalabanan ang Diyos at palapit pa nang palapit. Matagal nang nalantad ang kasuklam-suklam nitong mukha, ngayo’y lamog at bugbog[4] na ito at nasa kakila-kilabot na kalagayan, subalit hindi pa rin maglulubag ang loob nito sa pagkamuhi sa Diyos, na para bang huhupa lamang ang pagkamuhing tinimpi sa puso nito kapag nilamon na nito nang buo ang Diyos sa isang subuan. Paano natin matitiis ito, ang kaaway na ito ng Diyos! Tanging ang pagpuksa at ganap na paglipol lamang dito matutupad ang inaasam natin sa buhay. Paano ito mapapayagang patuloy na magpakalat-kalat? Nagawa nitong tiwali ang tao hanggang sa hindi na alam ng tao ang langit-araw, at naging manhid at walang pakiramdam. Nawalan na ng normal na katwiran ang tao. Bakit hindi natin ialay ang buo nating pagkatao para sirain at sunugin ito upang maalis ang lahat ng alalahanin sa hinaharap at tulutan ang gawain ng Diyos na umabot sa walang-katumbas na kaningningan sa lalong madaling panahon? Naparito sa mundo ng mga tao ang grupong ito ng mga tampalasan at ginulo ito nang husto. Nadala na nila ang buong sangkatauhan sa bingit ng isang bangin, lihim na nagpaplanong itulak sila pababa para magkaluray-luray upang malamon nila ang kanilang bangkay pagkatapos. Walang saysay silang umaasang sirain ang plano ng Diyos at makipagkumpitensya sa

Kanya, na sapalarang isinusugal ang lahat nang minsanan.[5] Hindi madaling gawin iyon! Kunsabagay ay nakahanda na ang krus para sa hari ng mga diyablo, na may kagagawan ng pinakamasasamang krimen. Hindi nabibilang ang Diyos sa krus. Itinabi na Niya ito para sa diyablo. Matagal nang nanalo ang Diyos at hindi na nakakaramdam ng kalungkutan sa mga kasalanan ng sangkatauhan, ngunit maghahatid Siya ng kaligtasan sa buong sangkatauhan.

Mula itaas hanggang ibaba at mula simula hanggang wakas, ginagambala na ni Satanas ang gawain ng Diyos at kumikilos laban sa Kanya. Lahat ng pag-uusap na ito tungkol sa "sinaunang pamanang kultura," mahalagang "kaalaman tungkol sa sinaunang kultura," "mga turo ng Taoism at Confucianism," at "Confucian classics at mga seremonyang pyudal" ay dinala na ang tao sa impiyerno. Ang mas maunlad na makabagong-panahong siyensya at teknolohiya, pati na ang lubhang maunlad na industriya, agrikultura, at pagnenegosyo ay hindi makita kahit saan. Sa halip, binibigyang-diin lamang nito ang mga ritwal na pyudal na ipinalaganap ng sinaunang "mga unggoy" upang sadyang gambalain, labanan, at lansagin ang gawain ng Diyos. Hindi lamang nito patuloy na sinaktan ang tao hanggang sa araw na ito, kundi nais pa nitong lunukin nang buo[6] ang tao. Ang paghahatid ng moral at etikal na mga turo ng pyudalismo at ang pagpapasa ng kaalaman tungkol sa sinaunang kultura ay matagal nang nahawahan ang sangkatauhan, at ginawa silang mga diyablong malalaki at maliliit. Iilan lamang ang masayang tatanggap sa Diyos, at buong kagalakang sasalubong sa Kanyang pagdating. Ang mukha ng buong sangkatauhan ay puno ng layuning pumatay, at sa lahat ng lugar, ramdam ang layuning pumatay. Hangad nilang palayasin ang Diyos mula sa lupaing ito; hawak ang mga kutsilyo at espada, inaayos nila ang kanilang sarili sa pakikipaglaban upang "puksain" ang Diyos.

Hinango mula sa "Gawain at Pagpasok (7)" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Mula nang unang magkaroon ang tao ng agham panlipunan, ang isip ng tao ay naging abala sa agham at kaalaman. Ang agham at kaalaman ay

naging mga kagamitan para sa pamumuno ng sangkatauhan, at doon ay wala nang sapat na puwang para sa tao upang sambahin ang Diyos, at walang kanais-nais na mga kondisyon para sa pagsamba sa Diyos. Ang posisyon ng Diyos ay lumubog nang lalo pang mas mababa sa puso ng tao. Kung wala ang Diyos sa kanyang puso, ang panloob na mundo ng tao ay madilim, walang pag-asa, at walang kabuluhan. Dahil dito, lumitaw ang maraming panlipunang siyentipiko, mananalaysay, at mga pulitiko upang magpahayag ng mga teorya ng agham panlipunan, teorya ng ebolusyon ng tao, at iba pang mga teorya na sumasalungat sa katotohanan na nilikha ng Diyos ang tao upang punuin ang puso at isip ng tao. At sa ganitong paraan, ang mga naniniwala na ang Diyos ang lumikha ng lahat ng bagay ay lalo pang nangaunti, at ang mga naniniwala sa teorya ng ebolusyon ay lalo pang dumami ang bilang. Parami nang parami ang mga tao na itinuturing ang mga talaan ng gawain ng Diyos at Kanyang mga salita sa kapanahunan ng Lumang Tipan bilang mga alamat at mga kathang-isip. Sa kanilang mga puso, ang mga tao ay nagwalang-bahala sa karangalan at kadakilaan ng Diyos, sa doktrina na ang Diyos ay umiiral at namamahala sa lahat ng bagay. Ang pagpapanatili ng sangkatauhan at ang kapalaran ng mga bayan at mga bansa ay hindi na mahalaga sa kanila. Nakatira ang tao sa isang walang kabuluhang mundo na ang iniintindi lamang ay pagkain, pag-inom, at ang paghahangad ng kasiyahan. … Iilang tao lang ang umaako sa paghanap kung saan kumikilos ngayon ang Diyos, o naghahanap kung paano Niya pinamumunuan at inaayos ang hantungan ng tao. At sa ganitong paraan, nang hindi namamalayan ng tao, ang sibilisasyon ng tao ay lalo pang nawawalan ng kakayahang tugunan ang mga kagustuhan ng tao, at maraming tao pa nga ang nakararamdam na, sa pamumuhay sa ganitong mundo, sila ay hindi gaanong masaya kung ihahambing sa mga taong yumao na. Maging ang mga tao ng mga dating napakaunlad na sibilisadong bayan ay nagpapahayag ng mga naturang hinaing. Sapagkat kung walang patnubay ng Diyos, gaano man pakaisipin ng mga pinuno at sosyolohista na maingatan ang sibilisasyon ng tao, ito ay walang kabuluhan. Walang sinuman ang makapupuno ng kawalan sa puso

ng tao, dahil walang sinuman ang maaaring maging buhay ng tao, at walang teoryang panlipunan ang maaaring magpalaya sa tao mula sa kawalan na nagpapahirap sa kanya. Agham, kaalaman, kalayaan, demokrasya, paglilibang, kaginhawahan, ang mga ito ay nagdadala lamang ng pansamantalang pahinga sa tao. Kahit na mayroong ganitong mga bagay, ang tao ay hindi maiiwasang magkasala at dumaing sa kawalang katarungan ng lipunan. Hindi mababawasan ng mga bagay na ito ang pagnanasa at hangarin ng tao na tumuklas. Sapagkat ang tao ay nilalang ng Diyos at ang walang katuturang mga sakripisyo at mga pagtuklas ng tao ay maaari lamang humantong sa mas marami pang pagdurusa at maaari lamang maging dahilan upang ang tao ay umiral sa hindi nagbabagong kalagayan ng pagkatakot, hindi nalalaman kung paano haharapin ang kinabukasan ng sangkatauhan, o kung paano haharapin ang landas sa hinaharap. Maging ang agham at kaalaman ay katatakutan ng tao, at higit na kakatakutan ang pakiramdam ng kawalan. Sa mundong ito, ikaw man ay nakatira sa isang malayang bayan o sa isang bayan na walang mga karapatang pantao, ikaw ay ganap na walang kakayahang takasan ang kapalaran ng sangkatauhan. Ikaw man ang pinuno o ang pinamumunuan, ikaw ay ganap na walang kakayahang takasan ang pagnanais na galugarin ang kapalaran, mga hiwaga, at hantungan ng sangkatauhan. Mas lalo ka pang walang kakayahang takasan ang nakalilitong diwa ng kawalan. Ang ganitong mga pangyayari, na karaniwan sa buong sangkatauhan, ay tinatawag ng mga sosyolohista na mga di-pangkaraniwang pangyayari sa lipunan, ngunit walang dakilang taong maaaring lumitaw upang lutasin ang naturang mga problema. Ang tao, kung sabagay, ay tao, at ang posisyon at buhay ng Diyos ay hindi mapapalitan ng sinumang tao. Ang sangkatauhan ay hindi lang basta nangangailangan ng isang makatarungang lipunan kung saan lahat ng tao ay kumakain nang sapat at pantay-pantay at malaya. Ang kailangan ng sangkatauhan ay ang kaligtasan ng Diyos at ang Kanyang pagbibigay ng buhay sa kanila. Kapag natatanggap ng tao ang ibinibigay na buhay ng Diyos at ang Kanyang kaligtasan, saka lamang malulutas ang mga pangangailangan, kasabikang tumuklas, at espirituwal

na kawalan ng tao. Kung ang mga tao ng isang bayan o ng isang bansa ay hindi makatatanggap ng pagliligtas at pag-aalaga ng Diyos, tatahakin ng bansa o bayang iyon ang landas tungo sa pagkawasak, patungo sa kadiliman, at lilipulin ito ng Diyos.

Hinango mula sa “Ang Diyos ang Namumuno sa Kapalaran ng Buong Sangkatauhan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ginagawang tiwali ni Satanas ang tao sa pamamagitan ng kalakarang panlipunan. Kabilang sa “mga kalakarang panlipunan” na ito ang maraming bagay. Sinasabi ng ilang tao na: “Nangangahulugan ba ito ng mga pinakabagong uso, mga pampaganda, mga istilo ng buhok, at masasarap na pagkain?” Ang mga ito ba’y itinuturing na kalakarang panlipunan? Ang mga ito ay isang bahagi ng mga kalakarang panlipunan, subali’t hindi natin pag-uusapan ang mga ito dito. Nais lamang nating pag-usapan ang tungkol sa mga ideyang idinudulot ng mga kalakarang panlipunan sa mga tao, kung paano ang mga ito nagiging sanhi sa paggawi ng mga tao sa mundo, at ang mga layunin sa buhay at pananaw na idinudulot ng mga ito sa mga tao. Ang mga ito ay napakahalaga; makokontrol at maiimpluwensyahan ng mga ito ang kalagayan ng pag-iisip ng isang tao. Ang mga kalakarang ito ay lumilitaw isa-isa, at lahat ng mga ito ay nagdadala ng isang masamang impluwensya na patuloy na nagpapababa sa sangkatauhan, na nagiging sanhi upang mawalan ang mga tao ng konsensya, pagkatao at katinuan, na lalo pang nagpapahina ng kanilang mga moral at kanilang kalidad ng karakter, hanggang sa masasabi nating karamihan ng mga tao ngayon ay walang integridad, walang pagkatao, ni anumang konsensya, at lalo’t higit ng anumang katinuan. Kaya ano ang mga kalakarang ito? Ito ang mga kalakarang hindi mo makikita gamit ang karaniwang mata lamang. Kapag ang isang bagong kalakaran ay lumalaganap sa mundo, marahil maliit na bilang lamang ng mga tao ang nangunguna, gumaganap bilang mga tagapagpauso. Nagsisimula sila sa paggawa ng ilang bagong bagay, pagkatapos ay tinatanggap ang ilang uri ng ideya o ilang uri ng pananaw. Ang karamihan sa mga tao, gayunpaman, sa gitna ng kanilang kawalan ng

kamalayan, ay patuloy pa ring mahahawa, magiging bahagi at maaakit ng ganitong uri ng kalakaran, hanggang sa tatanggapin nilang lahat ito nang hindi namamalayan at nang walang kusa at maging lubog dito at kontrolado nito. Isa-isa, ang mga kalakarang iyon ay nagiging sanhi upang ang mga tao, na wala sa matinong pangangatawan at pag-iisip, hindi nalalaman kung ano ang katotohanan, at hindi nakikilala ang kaibahan sa pagitan ng positibo at negatibong mga bagay, na tanggapin nang maluwag sa kalooban ang mga kalakarang ito pati na rin ang mga pananaw sa buhay at ang mga pagpapahalaga na nanggagaling kay Satanas. Tinatanggap nila kung ano ang sinasabi sa kanila ni Satanas kung paano pakitunguhan ang buhay at ang paraan ng pamumuhay na "ipinagkakaloob" sa kanila ni Satanas, at wala silang taglay na lakas, ni kakayahan, lalo na ang kamalayan, upang lumaban.

Hinango mula sa "Ang Diyos Mismo, ang Natatangi VI" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa Kanyang pagpapahayag ng katotohanan, ipinapahayag ng Diyos ang Kanyang disposisyon at diwa; ang Kanyang pagpapahayag ng katotohanan ay hindi nababatay sa mga buod ng sangkatauhan sa iba't-ibang positibong bagay at mga pananalita na kinikilala ng sangkatauhan. Ang mga salita ng Diyos ay mga salita ng Diyos; ang mga salita ng Diyos ay katotohanan. Ang mga ito ang pundasyon at ang batas kung saan dapat umiral ang sangkatauhan, at yaong diumano'y mga doktrinang nagmumula sa sangkatauhan ay kinokondena ng Diyos. Hindi nakakamit ng mga ito ang Kanyang pagsang-ayon, at lalo nang hindi ang mga ito ang pinagmulan o batayan ng Kanyang mga pagbigkas. Ipinapahayag ng Diyos ang Kanyang disposisyon at ang Kanyang diwa sa pamamagitan ng Kanyang mga salita. Lahat ng salitang inilabas ng pagpapahayag ng Diyos ay katotohanan, sapagkat taglay Niya ang diwa ng Diyos, at Siya ang realidad ng lahat ng positibong bagay. Ang katunayan na ang mga salita ng Diyos ay katotohanan ay hindi nagbabago, gaano man inilalagay o ipinapakahulugan ng tiwaling sangkatauhan ang mga ito, ni kung paano

nila ipinapalagay o inuunawa ang mga ito. Ilang salita man ng Diyos ang nasambit na, at gaano man kinokondena at tinatanggihan nitong tiwali at makasalanang sangkatauhan ang mga ito, nananatili ang isang katunayan na hindi mababago: Maging sa mga sitwasyong ito, ang diumano'y kultura at mga tradisyon na pinahahalagahan ng sangkatauhan ay hindi magiging mga positibong bagay, at hindi magiging katotohanan. Hindi mababago iyan.

Ang tradisyonal na kultura at paraan ng pag-iral ng sangkatauhan ay hindi magiging katotohanan dahil sa mga pagbabago o paglipas ng panahon, at hindi rin magiging mga salita ng tao ang mga salita ng Diyos dahil sa pagkondena o pagiging malilimutin ng sangkatauhan. Hindi magbabago ang diwang ito kailanman; ang katotohanan ay palaging katotohanan. Anong katotohanan ang umiiral dito? Lahat ng kasabihang iyon na ibinuod ng sangkatauhan ay nagmumula kay Satanas—iyon ay mga imahinasyon at kuru-kuro ng tao, na nagmumula pa nga sa pagiging mainitin ng dugo ng tao, at ni wala man lang kinalaman sa mga positibong bagay. Ang mga salita ng Diyos, sa kabilang dako, ay mga pagpapahayag ng diwa at katayuan ng Diyos. Para sa anong dahilan ang Kanyang pagpapahayag ng mga salitang ito? Bakit Ko sinasabing katotohanan ang mga ito? Ito ay dahil namumuno ang Diyos sa lahat ng batas, prinsipyo, ugat, diwa, aktwalidad, at hiwaga ng lahat ng bagay, at hawak ng kamay Niya ang mga ito, at ang Diyos lamang ang nakakaalam ng pinagmulan ng mga ito at kung ano talaga ang mga pinag-ugatan nito. Samakatuwid, ang mga pakahulugan lamang ng lahat ng bagay na binanggit sa mga salita ng Diyos ang pinakatumpak, at ang mga kinakailangang gawin ng sangkatauhan na napapaloob sa mga salita ng Diyos ang tanging pamantayan para sa sangkatauhan—ang tanging sukatan na dapat pagbatayan ng pag-iral ng sangkatauhan. Gayunman, ang mga kautusan kung saan sa pamamagitan nito'y umiiral ang sangkatauhan ay hinahango, sa isang banda, mula sa paglabag sa katotohanan ng paghahari ng Diyos sa lahat ng bagay, at sa isa pang banda mula sa paglabag sa katotohanan ng pagkamakapangyarihan ng Diyos sa mga kautusan ng lahat ng bagay.

Nagmumula ito sa mga imahinasyon at kuro-kuro ng tao, at nagmumula rin kay Satanas. Anong uri ng papel ang ginagampanan ni Satanas? Una, nagkukunwari si Satanas na katotohanan; pangalawa, sinisira, ginagambala, at yinuyurakan nito ang lahat ng prinsipyo at kautusan sa pagkakalikha ng Diyos sa lahat ng bagay. Kung gayon, tumpak na tumutugma ang mga bagay na nanggaling kay Satanas sa diwa nito, at puno ng masamang hangarin, tukso, at pagpapanggap ni Satanas, pati na ang hindi kailanman nagbabagong ambisyon ni Satanas. Hindi magiging katotohanan ang mga ito kailanman, sa kabila ng kung kaya silang makilala ng tiwaling sangkatauhan, sa kabila ng antas kung paanong tinatanggap sila ng tiwaling sangkatauhan, at sa kabila ng tagal ng kapanahunan kung kailan hinahangaan sila, sinasamba sila, at ipinangangaral sila ng tiwaling sangkatauhan, at sa kabila rin, ng kung gaano karaming tao ang humahanga, sumasamba at nangangaral sa mga ito. Hindi sila kailanman magiging katotohanan, at laging mamamalaging mga negatibong bagay, dahil sa ang kanilang diwa, pinagmulan, at ugat ay si Satanas, ang Satanas na kalaban ng Diyos at napopoot sa katotohanan. Kapag walang katotohanan na sumasalungat sa kanila, maaaring magpanggap sila na mabuti at na positibo sila, subalit kapag ginamit ang katotohanan upang masusing suriin at ilantad sila, lumilitaw ang kanilang mga kahinaan. Hindi sila makapanindigan, at sila ay mga bagay na mabilis na maparusahan, malantad, at maisantabi. Ang katotohanang inihahayag ng Diyos ay eksaktong umaayon sa mga pangangailangan ng normal na pagkatao ng sangkatauhan, na nilikha ng Diyos, samantalang kung ano ang ibinibigay ni Satanas sa tao ay mismong paglabag sa mga pangangailangang iyon. Ginagawa nito ang isang taong normal na hindi normal, malabis, makitid ang pag-iisip, mapagmataas, hangal, masama, mahirap pakitunguhan, malupit, at, sa ibabaw ng lahat, ubod ng yabang. Sa isang tiyak na pagkakataon, nasisiraan ng ulo ang taong iyon, ni hindi na alam kung sino sila. Tumatanggi silang maging mga normal na tao ngunit dapat silang kumilos bilang mga di-normal na tao; tumatanggi silang maging mga karaniwang tao sa halip iginigiit nilang maging higit na nakatataas na tao—

at kung magkagayon, nababaliko ang pagkatao ng mga tao, at napipilipit ang kanilang mga intuwisyon. Nagagawa ng katotohanan para sa mga tao na mas makapamuhay nang likas alinsunod sa mga prinsipyo at kautusan ng normal na pagkatao at sa lahat ng prinsipyong idinikta ng Diyos, samantalang ang mga tinatawag na kasabihan at kautusan ni Satanas ay ang mismong dahilan kung bakit nilalabag ng mga tao ang kanilang mga intuwisyon at sinusubukang takasan ang mga kautusang iniatas at idinikta ng Diyos, at iniiwan ang landas ng normal na pagkatao, gumagawa ng mga kalabisang bagay na hindi dapat gawin ng mga taong may normal na pagkatao at hindi nila dapat pag-isipan.

Hinango mula sa “Kung Ano ba ang Katotohanan” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Mga Talababa:

1. Ang “hindi nalulusaw” ay nilayon bilang panunudyo [satire] dito, na ibig sabihin ay maigting ang mga tao sa kanilang kaalaman, kultura, at espirituwal na pananaw.

2. Ang “malayang gumagala, nang hindi nasasakop ng batas” ay nagpapahiwatig na nagagalit at naghuhuramentado ang diyablo.

3. Ang “ganap na magulo” ay tumutukoy sa kung paanong hindi makayanang tingnan ang marahas na pag-uugali ng diyablo.

4. Ang “lamog at bugbog” ay tumutukoy sa pangit na mukha ng hari ng mga diyablo.

5. Ang ibig sabihin ng “sapalarang isinusugal ang lahat nang minsanan” ay itaya ang lahat ng pera ng isang tao sa pag-asang manalo sa huli. Ito ay isang metapora para sa masama at karumal-dumal na mga pakana ng diyablo. Ginagamit ang pahayag na ito nang patuya.

6. Ang “lunukin” ay tumutukoy sa marahas na pag-uugali ng hari ng mga diyablo, na sinasaklot nang buo ang mga tao.

a. Ang nakasaad sa orihinal na teksto ay “ito ay simbolo ng pagiging walang kakayahang maging.”

b. Ang nakasaad sa orihinal na teksto ay “pati na rin bilang isang sagisag ng pagiging hindi nagagawang masaktan (at hindi nagpaparayang masaktan).”

c. Ang Apat na Aklat at Limang Klasiko ay mapagkakatiwalaang tumpak na mga aklat ng Confucianism sa China.

105. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa Pagitan ng Paghahangad sa Katotohanan at Nakakalitong Paniniwala

(1) Tukuyin kung nakatutok ang isang tao sa pagkain at pag-inom ng salita ng Diyos at tumatanggap sa paghatol at pagkastigo ng Diyos, na nagdadala sa kanila tungo sa tunay na pagsisisi at pagbabago, o kung walang layuning sinusundan ng tao ang iba at sa paggawa nito ay sinasayang nila ang kanilang panahon;

(2) Tukuyin kung nakatutok sa pagtamo ng kaunawaan ng katotohanan ang isang tao, kung ginagampanan ng maayos ang kanilang tungkulin, at naisasabuhay ang katotohanang realidad, o kung nakatutok sila sa mga panlabas na bagay, sumusunod sa mga patakaran, at mga pagkilos na pinapatnubayan lamang ng mga haka-haka at mga pag-iisip;

(3) Tukuyin kung nakatutok ang isang tao sa paghahangad ng katotohanan sa lahat ng bagay at ginagamit ito upang pagpasyahan ang kanilang katiwalian, o kung naghahanap sila ng kaginhawaan at pinagbibigyan ang kanilang laman, at kuntento nang maintindihan ang doktrina;

(4) Tukuyin kung nakatutok ang isang tao sa paghahangad sa katotohanan sa pagganap ng kanilang tungkulin, isinasagawa ito, at kumikilos ayon sa mga prinsipyo, o kung sila ay pabaya at hindi interesado, sinusubukang linlangin ang Diyos at hindi nagsisisi hanggang sa kamatayan.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Bagama’t maraming taong naniniwala sa Diyos, kakaunti ang nakakaunawa kung ano ang kahulugan ng pananampalataya sa Diyos, at kung ano ang kailangan nilang gawin upang makaayon sa kalooban ng Diyos. Ito ay dahil, bagama’t pamilyar ang mga tao sa salitang “Diyos” at sa mga pariralang tulad ng “ang gawain ng Diyos,” hindi nila kilala ang Diyos, at lalong hindi nila alam ang Kanyang gawain. Hindi nakapagtataka, kung gayon, na lahat ng hindi nakakakilala sa Diyos ay nalilito sa kanilang paniniwala sa Kanya. Hindi sineseryoso ng mga tao ang kanilang paniniwala sa Diyos, at ito ay dahil lamang sa masyado silang hindi

pamilyar sa paniniwala sa Diyos, masyado itong kakaiba para sa kanila. Sa ganitong paraan, hindi sila makaabot sa mga hinihiling ng Diyos. Sa madaling salita, kung hindi kilala ng mga tao ang Diyos at hindi alam ang Kanyang gawain, hindi sila akmang kasangkapanin ng Diyos, at lalong hindi nila magagawang palugurin ang Kanyang kalooban. Ang "paniniwala sa Diyos" ay nangangahulugan ng paniniwala na mayroong Diyos; ito ang pinakasimpleng konsepto patungkol sa paniniwala sa Diyos. Bukod pa riyan, ang paniniwala na mayroong Diyos ay hindi kapareho ng tunay na paniniwala sa Diyos; sa halip, ito ay isang uri ng simpleng pananampalataya na may matitinding kahulugang pangrelihiyon. Ang ibig sabihin ng tunay na pananampalataya sa Diyos ay ang mga sumusunod: Batay sa paniniwala na ang Diyos ang may kapangyarihan sa lahat ng bagay, dinaranas ng isang tao ang Kanyang mga salita at Kanyang gawain, inaalis ang tiwaling disposisyon ng isang tao, pinalulugod ang kalooban ng Diyos, at nakikilala ang Diyos. Ganitong uri lamang ng paglalakbay sa buhay ang matatawag na "pananampalataya sa Diyos." Subalit madalas ituring ng mga tao ang paniniwala sa Diyos bilang isang simple at walang-kabuluhang bagay. Nawala na sa mga taong naniniwala sa Diyos sa ganitong paraan ang kahulugan ng maniwala sa Diyos, at bagama't maaari silang patuloy na maniwala hanggang sa kahuli-hulihan, hindi nila kailanman matatamo ang pagsang-ayon ng Diyos, dahil tumatahak sila sa maling landas. Mayroon pa ring mga naniniwala sa Diyos ngayon ayon sa mga titik at sa hungkag na doktrina. Hindi nila alam na wala silang diwa ng paniniwala sa Diyos, at hindi nila matatanggap ang pagsang-ayon ng Diyos. Nagdarasal pa rin sila sa Diyos para mapagpala ng kapayapaan at sapat na biyaya. Huminto tayo, patahimikin natin ang ating puso, at itanong sa ating sarili: Maaari kaya na ang paniniwala sa Diyos talaga ang pinakamadaling bagay sa lupa? Maaari kaya na ang paniniwala sa Diyos ay nangangahulugan lamang ng pagtanggap ng maraming biyaya mula sa Diyos? Talaga bang ang mga taong naniniwala sa Diyos nang hindi Siya nakikilala o naniniwala sa Diyos subalit kinakalaban Siya ay napapalugod ang kalooban ng Diyos?

Hinango mula sa Paunang Salita sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Naniniwala ang mga tao sa Diyos dahil lamang sa hangaring mabuhay; kung naniniwala ka sa Diyos subalit hindi ka naghahangad na mabuhay o matamo ang katotohanan o ang kaalaman tungkol sa Diyos, hindi ito paniniwala sa Diyos! At makatotohanan bang hangarin pa ring makapasok sa kaharian upang maging hari? Ang pagkakamit ng tunay na pagmamahal para sa Diyos sa pamamagitan ng paghahangad na mabuhay—ito lamang ang realidad; ang hangaring matamo at isagawa ang katotohanan—lahat ng ito ay realidad. Sa pagbasa sa mga salita ng Diyos, at pagdanas ng mga salitang ito, maiintindihan mo ang kaalaman tungkol sa Diyos sa gitna ng tunay na karanasan, at ito ang kahulugan ng tunay na maghangad.

Hinango mula sa “Ang Kapanahunan ng Kaharian ay ang Kapanahunan ng Salita” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Nagawa nang tiwali ni Satanas ang buong sangkatauhan, at ang kalikasan ng tao ay ang ipagkanulo ang Diyos. Gayunman, sa lahat ng taong nagawa nang tiwali ni Satanas, may ilang kayang magpasakop sa gawain ng Diyos at tumanggap sa katotohanan; sila yaong maaaring magtamo ng katotohanan at magkamit ng pagbabago ng disposisyon. Mayroon ding mga taong hindi nagtutuon sa paghahangad sa katotohanan. Nasisiyahan sila na maunawaan lamang ang mga doktrina; naririnig nila ang mabuting doktrina at sinusunod ito, at matapos itong maunawaan, nagagampanan nila ang kanilang mga tungkulin—nang bahagya. Ginagawa ng mga taong ito ang ipinagagawa sa kanila at mayroon silang mababang uri ng pagkatao. Handa sila, kahit paano, na gumugol, talikuran ang kamunduhan, at magtiis ng pagdurusa. Gayunman, hindi sila masugid hinggil sa katotohanan; naniniwala sila na sapat nang hindi sila nagkakasala, at hindi nila maunawaan kailanman ang pinakadiwa ng katotohanan. Kung magagawang manindigan ng mga taong iyon sa huli, maaari din silang mailigtas, ngunit hindi nila mababago ang kanilang disposisyon. Kung nais mong madalisay ang katiwalian mo at dumanas ng

pagbabago sa disposisyon mo sa buhay, kailangan mong magkaroon ng pagmamahal sa katotohanan at kakayahang tanggapin ang katotohanan. Ano ang ibig sabihin ng tanggapin ang katotohanan? Ipinahihiwatig ng tanggapin ang katotohanan na anumang klase ang iyong tiwaling disposisyon o alinman sa mga lason ng malaking pulang dragon ang nasa iyong kalikasan, kinikilala mo ito kapag ibinubunyag ito ng mga salita ng Diyos, at nagpapasakop ka sa mga salitang ito; tinatanggap mo ang mga ito nang walang kundisyon, nang hindi nagdadahilan o sinusubukang mamili, at nakikilala mo ang iyong sarili ayon sa sinasabi Niya. Ito ang ibig sabihin ng tanggapin ang mga salita ng Diyos. Anuman ang sinasabi Niya, gaano man maaaring tumagos sa puso mo ang mga pagbigkas Niya, at anumang mga salita ang ginagamit Niya, matatanggap mo ang mga ito basta't katotohanan ang sinasabi Niya, at kaya mong kilalanin ang mga ito basta't umaayon ang mga ito sa realidad. Kaya mong magpasakop sa mga salita ng Diyos gaano kalalim mo man nauunawaan ang mga ito, at tinatanggap mo at nagpapasakop ka sa liwanag na ibinubunyag ng Banal na Espiritu at ibinabahagi ng iyong mga kapatid. Kapag umabot na sa isang punto ang pagtataguyod sa katotohanan ng gayong tao, maaari niyang matamo ang katotohanan at makamtan ang pagbabago ng kanyang disposisyon. Kahit na 'yung mga hindi nagmamahal sa katotohanan ay maaaring magkaroon ng disenteng pagkatao, pagdating sa katotohanan, sila'y magulo mag-isip at hindi ito siniseryoso. Bagama't makagagawa sila ng ilang mabuting gawain, at makakayang gugulin ang kanilang sarili para sa Diyos, at makakayanan ang pagtatakwil, hindi nila makakamit ang pagbabago ng disposisyon.

Hinango mula sa "Paano Malalaman ang Kalikasan ng Tao" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Bilang buod, ang pagtahak sa landas ni Pedro sa pananampalataya ng isang tao ay nangangahulugan ng paglakad sa landas ng paghahabol sa katotohanan, na siya ring landas para tunay niyang makilala ang kanyang sarili at mabago ang kanyang disposisyon. Sa pamamagitan lamang ng

paglakad sa landas ni Pedro mapupunta ang isang tao sa landas ng pagiging ginawang perpekto ng Diyos. Dapat maging malinaw sa isang tao kung paano ba talaga lumakad sa landas ni Pedro, gayundin kung paano ito isagawa. Una, dapat munang isantabi ng isang tao ang kanyang mga sariling layunin, mga di-wastong paghahangad, at maging ang kanyang pamilya at lahat ng bagay na para sa kanyang sariling laman. Dapat buong-pusong mag-ukol ang isang tao, na ang ibig sabihin, kailangang ganap niyang ilaan ang kanyang sarili sa salita ng Diyos, magtuon sa pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, tumutok sa paghahanap sa katotohanan at sa paghahanap sa mga hangarin ng Diyos sa Kanyang mga salita, at subukang maunawaan ang kalooban ng Diyos sa lahat ng bagay. Ito ang pinakapangunahin at ang pinakamahalagang paraan ng pagsasagawa. Ito ang ginawa ni Pedro pagkatapos niyang makita si Jesus, at sa pamamagitan lamang ng pagsasagawa sa ganitong paraan nakakamit ng isa ang pinakamahusay na mga resulta. Ang buong-pusong pagtatalaga sa mga salita ng Diyos ay pangunahing nangangahulugan ng paghahanap sa katotohanan, paghahanap sa hangarin ng Diyos sa loob ng Kanyang mga salita, pagtutuon ng pansin sa pag-unawa sa kalooban ng Diyos, at pag-unawa at pagkakamit ng mas maraming katotohanan mula sa mga salita ng Diyos. Kapag binabasa ang Kanyang mga salita, hindi nakatuon si Pedro sa pag-unawa sa mga doktrina at siya ay lalo pang hindi nakatuon sa pagkakamit ng kaalamang pangteolohiya; sa halip, siya ay nakatuon sa pag-unawa sa katotohanan at pag-unawa sa kalooban ng Diyos, at pagtatamo ng pagkaunawa ng Kanyang disposisyon at ng Kanyang pagiging kaibig-ibig. Sinubukan din niyang unawain ang iba't ibang tiwaling mga kalagayan ng tao mula sa mga salita ng Diyos, at unawain ang tiwaling kalikasan ng tao at ang tunay na mga pagkukulang ng tao, tinatamo ang lahat ng aspeto ng mga hinihiling ng Diyos sa tao upang mapalugod Siya. Nagkaroon siya ng napakaraming wastong mga pagsasagawa sa loob ng mga salita ng Diyos; ito ay halos naaayon sa kalooban ng Diyos, at ito ang pinakamahusay na pakikipagtulungan ng tao sa kanyang karanasan sa gawain ng Diyos. Habang dumaranas ng daan-

daang pagsubok ng Diyos, mahigpit niyang sinuri ang kanyang sarili ayon sa bawat salita ng paghatol ng Diyos sa tao, bawat salita ng paghahayag Niya sa tao, at bawat salita ng Kanyang mga kahilingan sa tao, at sinikap na unawain ang kahulugan ng mga pagbikas na iyon. Masigasig niyang pinagnilayan at isinaulo ang bawat salitang sinabi sa kanya ni Jesus, at napakaganda ng nakamtan niyang mga resulta. Sa ganitong paraan ng pagsasagawa, naunawaan niya ang kanyang sarili mula sa mga salita ng Diyos, at hindi lang ang iba't ibang tiwaling kalagayan ng tao ang naunawaan niya, kundi pati na ang diwa, likas na pagkatao, at ang iba't ibang pagkukulang ng tao. Ito ang kahulugan ng tunay na maunawaan ang sarili. Mula sa mga salita ng Diyos, hindi lamang niya natamo ang tunay na pagkaunawa ukol sa sarili niya, kundi mula sa mga bagay na ipinapahayag sa mga pagbigkas ng Diyos—ang matuwid na disposisyon ng Diyos, kung ano ang mayroon at kung ano Siya, ang kalooban ng Diyos para sa Kanyang gawain, ang Kanyang mga hinihingi sa sangkatauhan—mula sa mga salitang ito nakarating siya sa lubos na pagkakilala sa Diyos. Nakarating siya sa pagkakilala sa disposisyon ng Diyos, at sa Kanyang diwa; nakilala at naunawaan niya kung ano ang mayroon at kung ano ang Diyos, sa pagiging kaibig-ibig ng Diyos at mga hinihingi ng Diyos para sa tao. Bagama't ang Diyos ay hindi gaanong nagsalita noong panahong iyon kagaya ng Kanyang ginagawa sa kasalukuyan, nagkaroon ng bunga kay Pedro sa mga aspetong ito. Ito ay isang bihira at napakahalagang bagay. Dumaan si Pedro sa daan-daang pagsubok, subalit hindi nagdusa nang walang-saysay. Hindi lamang niya naunawaan ang kanyang sarili mula sa mga salita at sa gawa ng Diyos, kundi nakilala rin niya ang Diyos. Dagdag pa riyan, sa mga pagbigkas ng Diyos, nagtuon siya lalo na sa mga hinihingi ng Diyos sa sangkatauhan sa loob ng Kanyang mga salita. Sa alinmang mga aspeto dapat bigyang-kasiyahan ng tao ang Diyos upang makaayon sa kalooban ng Diyos, nagawang magsikap nang husto ni Pedro sa mga aspetong ito at nakamtan ang buong kalinawan; lubhang kapaki-pakinabang patungkol sa sarili niyang pagpasok. Anuman ang pinatungkulan ng Diyos, basta't ang mga salitang iyon ay maaaring maging

buhay at ang katotohanan, nakaya ni Pedro na iukit ang mga ito sa kanyang puso upang madalas na pagbulayan at pahalagahan ang mga ito. Matapos mapakinggan ang mga salita ni Jesus nakaya niyang isapuso ang mga ito, na nagpapakita na siya ay espesyal na nakatuon sa mga salita ng Diyos, at tunay na nakamtan niya ang mga resulta sa huli. Ibig sabihin, nakaya niyang malayang isagawa ang mga salita ng Diyos, tumpak na isagawa ang katotohanan at mapahanay sa kalooban ng Diyos, kumilos nang lubusang naaayon sa intensiyon ng Diyos, at isuko ang kanyang sariling personal na mga opinyon at imahinasyon. Sa ganitong paraan, pumasok si Pedro sa realidad ng mga salita ng Diyos.

Hinango mula sa “Paano Lakaran Ang Landas ni Pedro” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Anuman sa buhay ni Pedro na hindi nagbigay-kasiyahan sa naisin ng Diyos ay nakaligalig sa kanya. Kung hindi iyon nakalugod sa naisin ng Diyos, nakadama siya ng taos na pagsisisi, at naghanap ng angkop na paraan para mapagsikapan niyang mapalugod ang puso ng Diyos. Kahit sa pinakamaliit at pinaka-walang-kabuluhang mga aspeto ng kanyang buhay, kusa pa rin niyang pinalugod ang naisin ng Diyos. Gayon din siya katindi pagdating sa kanyang dating disposisyon, laging mahigpit sa kanyang mga hinihingi sa kanyang sarili upang sumulong nang mas malalim sa katotohanan. … Sa kanyang paniniwala sa Diyos, hinangad ni Pedro na bigyang-kasiyahan ang Diyos sa lahat ng bagay, at hinangad na sundin ang lahat ng nagmula sa Diyos. Wala ni katiting na reklamo, nagawa niyang tanggapin ang pagkastigo at paghatol, gayundin ang pagpipino, kapighatian at kakulangan sa kanyang buhay, at walang isa man dito na maaaring magpabago sa kanyang pagmamahal sa Diyos. Hindi ba ito ang sukdulang pagmamahal sa Diyos? Hindi ba ito ang katuparan ng tungkulin ng isang nilalang ng Diyos? Sa pagkastigo man, paghatol, o kapighatian, lagi kang may kakayahang maging masunurin hanggang kamatayan, at ito ang dapat makamit ng isang nilalang ng Diyos, ito ang kadalisayan ng pagmamahal sa Diyos. Kung makakamtan ng tao ang ganito, siya ay isang

angkop na nilalang ng Diyos, at wala nang ibang mas nagbibigay-kasiyahan sa naisin ng Lumikha. Ipagpalagay nang nakakagawa ka para sa Diyos, subalit hindi ka sumusunod sa Diyos, at hindi mo kayang tunay na mahalin ang Diyos. Sa ganitong paraan, hindi mo lamang hindi natupad ang tungkulin ng isang nilalang ng Diyos, kundi ikukondena ka rin ng Diyos, dahil ikaw ay isang taong hindi nagtataglay ng katotohanan, na walang kakayahang sumunod sa Diyos, at suwail sa Diyos. Pinahahalagahan mo lamang ang paggawa para sa Diyos, at hindi mo pinahahalagahan ang pagsasagawa ng katotohanan o pagkilala sa iyong sarili. Hindi mo nauunawaan o nakikilala ang Lumikha, at hindi mo sinusunod o minamahal ang Lumikha. Ikaw ay isang taong likas na suwail sa Diyos, kaya nga ang gayong mga tao ay hindi minamahal ng Lumikha.

Hinango mula sa “Ang Tagumpay o Kabiguan ay Depende sa Landas na Tinatahak ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa kasalukuyan, maraming tao ang naniniwala sa paraang lito. Labis ang inyong kuryosidad, labis ang pagnanasa sa mga pagpapala, at napakaliit ang mithiing hanapin ang buhay. Ang mga tao ngayon ay puno ng sigasig sa paniniwala nila kay Jesus. Ibabalik sila ni Jesus sa tahanan sa langit, kaya paano sila hindi maniniwala? May mga taong sumasampalataya nang kanilang buong buhay; kahit apatnapu o limampung taon nang sumasampalataya, hindi pa rin sila nagsasawang magbasa ng Biblia. Ito ay dahil iniisip nila[a] na anuman ang mangyari, hangga’t sila ay naniniwala, makakapasok sila sa langit. Ilang taon pa lang kayong sumusunod sa Diyos sa landas na ito, subalit kayo ay nanghina na; nawala na ang inyong pagtitiis, dahil masyadong matindi ang inyong pagnanasang magkamit ng mga pagpapala. Ang paglalakad ninyo sa tunay na daang ito ay impluwensiya ng inyong pagnanasang makakuha ng mga pagpapala at ng inyong kuryosidad. Wala kayong kahit kaunting pagkaunawa tungkol sa yugtong ito ng gawain. Marami sa sinasabi Ko ngayon ay hindi patungkol sa mga naniniwala kay Jesus, hindi Ko rin ito sinasabi upang salungatin lang ang kanilang mga pagkaunawa. Sa

katunayan, itong mga pagkaunawang inilalantad ang mismong mga pagkaunawa na umiiral sa loob ninyo, dahil hindi ninyo nauunawaan kung bakit isinantabi ang Biblia, kung bakit Ko sinasabi na naging luma na ang gawain ni Jehova, o bakit Ko sinasabi na naging luma na ang gawain ni Jesus. Ang totoo ay marami kayong pagkaunawa na hindi pa ninyo nasasabi, at marami ring pananaw na nakatago sa kaibuturan ng inyong mga puso, at sumusunod lang kayo sa karamihan. Akala ba talaga ninyo ay kakaunti ang inyong mga pagkaunawa? Hindi lang ninyo sinasalita ang mga iyon! Ang totoo, paimbabaw lang kayong sumusunod sa Diyos, ni hindi man lang ninyo hinahanap ang tunay na daan at hindi ninyo intensiyong magkamit ng buhay. Ang saloobin ninyo ay ang kagustuhan lang na makita kung anong mangyayari. Dahil hindi pa ninyo nabibitiwan ang marami sa inyong mga dating pagkaunawa, walang sinuman sa inyo ang nagawang mag-alay nang lubos ng inyong sarili. Nang makarating na sa puntong ito, patuloy pa rin kayong nag-aalala sa inyong sariling kapalaran, isip nang isip araw at gabi, hindi iyon makalimutan.

Hinango mula sa “Kailangan Ninyong Maunawaan ang Gawain—Huwag Kayong Sumunod Nang May Pagkalito!” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang ilang tao ay sumusunod at nagpapatuloy nang may sigla, at handang magsagawa kapag nagsasalita ang Diyos, ngunit kapag hindi nagsasalita ang Diyos, hindi na sila sumusulong. Hindi pa rin naiintindihan ng mga tao ang kalooban ng Diyos sa kaibuturan ng kanilang puso at wala silang likas na pagmamahal para sa Diyos; noong araw sumunod sila sa Diyos dahil napilitan sila. Ngayon mayroong ilang tao na sawa na sa gawain ng Diyos. Hindi ba nanganganib ang gayong mga tao? Napakaraming taong nabubuhay sa isang kalagayang makaraos lang. Bagama’t kumakain at umiinom sila ng mga salita ng Diyos at nagdarasal sa Kanya, ginagawa nila iyon nang walang sigasig, at wala na silang sigla na tulad ng dati. Karamihan sa mga tao ay hindi interesado sa gawain ng pagpipino at pagperpekto ng Diyos, at talagang parang palaging walang sigla ang kanilang kalooban. Kapag nadaraig sila ng mga paglabag, hindi

nila nadarama na may utang na loob sila sa Diyos, ni wala silang kamalayan na magsisi. Hindi nila hinahanap ang katotohanan o iniiwan ang iglesia, at sa halip ay naghahangad lamang sila ng mga panandaliang kasiyahan. Ang mga taong ito ay hangal, at napakabobo! Pagdating ng panahon, palalayasin silang lahat, at wala ni isa ang maliligtas! Palagay mo ba kung naligtas ang isang tao nang minsan ay palagi na silang ligtas? Puro kalokohan ang paniniwalang iyan! Lahat ng hindi naghahangad na makapasok sa buhay ay kakastiguhin. Karamihan sa mga tao ay lubos na walang interes sa pagpasok sa buhay, sa mga pangitain, o sa pagsasagawa ng katotohanan. Hindi nila hinahangad na makapasok, at tiyak na hindi nila hinahangad na makapasok nang mas malalim. Hindi ba nila sinisira ang kanilang sarili? Sa ngayon, may isang bahagi ng mga tao na ang mga kalagayan ay laging paganda nang paganda. Habang lalong gumagawa ang Banal na Espiritu, lalo silang nagkakaroon ng tiwala; habang lalong nadaragdagan ang kanilang karanasan, lalo nilang nadarama ang malalim na hiwaga ng gawain ng Diyos. Habang nakakapasok sila nang mas malalim, lalo silang nakakaunawa. Nadarama nila na napakadakila ng pag-ibig ng Diyos, at napapanatag at naliliwanagan ang kanilang kalooban. May pagkaunawa sila sa gawain ng Diyos. Sila ang mga taong ginagawaan ng Banal na Espiritu. Sinasabi ng ilang tao: “Bagama’t walang mga bagong salita mula sa Diyos, kailangan ko pa ring hangaring lumalim pa ang pagkaalam ko sa katotohanan, kailangan kong maging masigasig tungkol sa lahat ng bagay sa aking aktuwal na karanasan at pumasok sa realidad ng mga salita ng Diyos.” Ang ganitong uri ng tao ay nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu. Bagama’t hindi ipinakikita ng Diyos ang Kanyang mukha at nakatago Siya mula sa bawat tao, at bagama’t hindi Siya bumibigkas ni isang salita at may mga pagkakataon na dumaranas ang mga tao ng kaunting pagpipino ng kalooban, hindi pa lubusang iniwan ng Diyos ang mga tao. Kung hindi mapanatili ng isang tao ang katotohanang dapat nilang isagawa, hindi nila tataglayin ang gawain ng Banal na Espiritu. Sa panahon ng pagpipino, ng hindi pagpapakita ng Diyos ng Kanyang Sarili, kung wala kang tiwala kundi

sa halip ay sumusukut-sukot ka, kung hindi ka nakatuon sa pagdanas ng Kanyang mga salita, tumatakas ka mula sa gawain ng Diyos. Kalaunan, isa ka sa mga palalayasin. Yaong mga hindi naghahangad na makapasok sa salita ng Diyos ay hindi maaaring tumayong saksi para sa Kanya. Ang mga taong nagagawang patotohanan ang Diyos at palugurin ang Kanyang kalooban ay lubos na umaasang lahat sa kanilang siglang hangarin na matamo ang mga salita ng Diyos. Ang gawaing ginagampanan ng Diyos sa mga tao una sa lahat ay upang tulutan silang makamit ang katotohanan; ang paghikayat sa iyo na maghangad ng buhay ay para sa kapakanan ng pagpeperpekto sa iyo, at lahat ng ito ay upang gawin kang angkop na kasangkapanin ng Diyos. Ang iyong hinahangad lamang ngayon ay ang makinig sa mga hiwaga, makinig sa mga salita ng Diyos, magpista ang iyong mga mata, at tumingin sa paligid upang makita kung may anumang bago o uso, at sa gayon ay masiyahan ang iyong pag-uusisa. Kung ito ang layunin sa iyong puso, walang paraan para matugunan mo ang mga hinihiling ng Diyos. Yaong mga hindi naghahangad na matamo ang katotohanan ay hindi makakasunod hanggang sa kahuli-hulihan. Sa ngayon, hindi sa walang ginagawa ang Diyos, kundi sa halip ay hindi nakikipagtulungan ang mga tao sa Kanya, dahil sawa na sila sa Kanyang gawain. Nais lamang nilang marinig ang mga salitang binibigkas Niya upang magkaloob ng mga pagpapala, at ayaw nilang makinig sa mga salita ng Kanyang paghatol at pagkastigo. Bakit kaya? Ito ay dahil ang mga pagnanais ng mga tao na magtamo ng mga pagpapala ay hindi pa natutupad at sa gayon ay naging negatibo at mahina sila. Hindi sa sadyang hindi tinutulutan ng Diyos ang mga tao na sundan Siya, ni sadya Siyang nagpapadala ng mga dagok sa sangkatauhan. Ang mga tao ay negatibo at mahina dahil lamang sa ang kanilang mga layunin ay hindi wasto. Ang Diyos ay ang Diyos na nagbibigay ng buhay sa tao, at hindi Niya maaaring dalhin ang tao sa kamatayan. Ang pagiging negatibo, mga kahinaan, at pagbalik ng mga tao sa dati ay pawang sarili nilang kagagawan.

Hinango mula sa “Dapat Mong Panatilihin ang Iyong Katapatan sa Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung wala kang kaalaman tungkol sa gawain ng Diyos, hindi mo malalaman kung paano makipagtulungan sa Diyos. Kung hindi mo alam ang mga prinsipyo ng gawain ng Diyos, at wala kang kamalayan kung paano gumagawa si Satanas sa tao, hindi ka magkakaroon ng landas para magsagawa. Hindi ka tutulutan ng masigasig na paghahangad lamang na makamit ang mga resultang hinihingi ng Diyos. Ang gayong paraan ng pagdanas ay katulad ng kay Lawrence: hindi gumagawa ng anumang mga pagtatangi at nagtutuon lamang sa karanasan, lubos na walang kamalayan kung ano ang gawain ni Satanas, kung ano ang gawain ng Banal na Espiritu, kung ano ang kalagayan ng tao nang walang presensya ng Diyos, at kung anong uri ng mga tao ang gustong gawing perpekto ng Diyos. Anong mga prinsipyo ang dapat tanggapin kapag nakikitungo sa iba't ibang uri ng mga tao, paano maunawaan ang kalooban ng Diyos sa kasalukuyan, paano malaman ang disposisyon ng Diyos, at kanino, anong mga sitwasyon, at saang kapanahunan nakadirekta ang habag, kamahalan, at katuwiran ng Diyos—wala siyang pagkaunawa sa anuman sa mga ito. Kung hindi marami ang pangitain ng mga tao bilang pundasyon para sa kanilang mga karanasan, hindi na kailangang pag-usapan ang buhay, at lalo na ang karanasan; maaaring buong kahangalang patuloy nilang harapin at tiisin ang lahat ng bagay. Napakahirap na gawing perpekto ang gayong mga tao. Masasabi na kung wala kang anuman sa mga pangitaing binabanggit sa itaas, sapat nang katibayan iyan na isa kang hangal, para kang isang haligi ng asin na palaging nakatayo sa Israel. Ang gayong mga tao ay walang silbi, walang kuwenta! Ang ilang tao ay pikit-matang nagpapasakop lamang palagi, kilala nila palagi ang kanilang sarili at lagi nilang ginagamit ang sarili nilang mga paraan ng pagkilos kapag nakikitungo sa mga bagong bagay, o gumagamit sila ng "karunungan" upang harapin ang maliliit na bagay na hindi na kailangang banggitin pa. Ang gayong mga tao ay walang pang-unawa, at parang likas sa kanila ang isuko ang kanilang sarili sa pagpapahirap, at gayon sila palagi; hindi sila nagbabago kailanman. Ang ganitong mga tao ay mga hangal na wala ni katiting na pang-unawa. Hindi nila sinusubukan kailanman na gumawa ng

mga hakbang na angkop sa mga sitwasyon o sa iba't ibang tao. Ang gayong mga tao ay walang karanasan. Nakakita na Ako ng ilang tao na lubhang nakatali sa pagkakilala nila tungkol sa kanilang sarili na kapag naharap sa mga taong nakukubabawan ng masasamang espiritu, nagyuyuko sila ng ulo at umaamin sa kanilang mga kasalanan, na hindi nangangahas na tumayo at isumpa ang mga ito. At kapag naharap sa malinaw na gawain ng Banal na Espiritu, hindi sila nangangahas na sumunod. Naniniwala sila na ang masasamang espiritu ay nasa mga kamay rin ng Diyos, at wala ni katiting na lakas ng loob na tumayo at labanan ang mga ito. Ang gayong mga tao ay nagdadala ng kahihiyan sa Diyos, at lubos na walang kakayahang magdala ng mabigat na pasanin para sa Kanya. Ang mga hangal na iyon ay hindi gumagawa ng anumang mga pagtatangi. Ang gayong paraan ng pagdanas, samakatuwid, ay dapat iwaksi, sapagkat hindi ito katanggap-tanggap sa mga mata ng Diyos.

Hinango mula sa "Tungkol sa Karanasan" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Lubhang masigasig ang ilang tao sa kanilang pagsisikap subalit nabibigong tumahak sa tamang landas. Ito ay dahil labis silang pabaya at hindi nila pinapansin ang mga espirituwal na bagay. Wala silang ideya kung paano maranasan ang mga salita ng Diyos, at hindi nila alam kung ano ang gawain at presensya ng Banal na Espiritu. Ang gayong mga tao ay masigasig ngunit hangal; hindi sila naghahangad ng buhay. Iyon ay dahil wala ka ni katiting na kaalaman tungkol sa Espiritu, wala kang alam hinggil sa pag-unlad sa kasalukuyang gawain ng Banal na Espiritu, at wala kang alam hinggil sa kalagayan sa loob ng iyong sariling espiritu. Hindi ba kauri ng pananampalataya ng isang hangal ang pananampalataya ng gayong mga tao? Ang pagsisikap ng gayong mga tao ay walang ibinubunga sa huli. Ang susi sa paglago sa buhay sa pananampalataya sa Diyos ng isang tao ay ang pagkaalam kung anong gawain ang ginagawa ng Diyos sa iyong karanasan, pagkakita sa pagiging kaibig-ibig ng Diyos, at pag-unawa sa kalooban ng Diyos, nang sa gayon ay umayon ka sa lahat ng pagsasaayos ng Diyos, mahubog ka ng mga salita ng Diyos upang ang

mga ito ay maging buhay mo, at sa gayon ay masiyahan ang Diyos. Kung ang iyong pananampalataya ay isang hangal na pananampalataya, kung hindi ka nakikinig sa mga espirituwal na bagay at sa mga pagbabago sa iyong disposisyon sa buhay, kung hindi ka nagsusumikap na matamo ang katotohanan, mauunawaan mo ba ang kalooban ng Diyos? Kung hindi mo nauunawaan kung ano ang hinihingi ng Diyos, wala kang magiging kakayahang dumanas, at sa gayon ay hindi ka magkakaroon ng paraan ng pagsasagawa. Ang dapat mong bigyang-pansin habang nararanasan mo ang mga salita ng Diyos ay ang epektong ibinubunga ng mga ito sa iyo, nang sa gayon ay makilala mo ang Diyos mula sa Kanyang mga salita. Kung marunong ka lang magbasa ng mga salita ng Diyos, subalit hindi mo alam kung paano maranasan ang mga ito, hindi ba ipinapakita nito na wala kang alam tungkol sa mga espirituwal na bagay? Ngayon mismo, karamihan sa mga tao ay walang kakayahang maranasan ang mga salita ng Diyos, at sa gayon ay hindi nila nalalaman ang gawain ng Diyos. Hindi ba sila bigo sa kanilang pagsasagawa? Kung magpapatuloy sila nang ganito, kailan nila makakayang maranasan ang mga bagay sa kanilang mayamang kapuspusan at makamit ang paglago sa kanilang buhay? Hindi ba ito katumbas lamang ng hungkag na pananalita? Marami sa inyo ang nakatuon sa teorya, na walang nalalaman hinggil sa mga espirituwal na bagay, gayunman ay nagnanais pa ring magkaroon ng malaking silbi sa Diyos at mapagpala ng Diyos. Lubos na di-makatotohanan ito! Kaya, dapat na ninyong wakasan ang kabiguang ito, nang sa gayon ay makapasok kayong lahat sa tamang landas sa inyong mga espirituwal na buhay, magkaroon kayo ng mga tunay na karanasan, at tunay na makapasok sa realidad ng mga salita ng Diyos.

Hinango mula sa “Paano Pumasok sa Normal na Kalagayan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Lahat ng bagay na dumarating sa bawa’t araw, malaki man o maliit, na kayang yumanig sa iyong pagpapasya, sakupin ang iyong puso, o paghigpitan ang iyong kakayahang gawin ang iyong tungkulin at ang iyong

pasulong na pag-unlad ay nangangailangan ng masigasig na pakikitungo; dapat silang siyasating mabuti at hanapin ang kanilang katotohanan. Lahat ng bagay na ito ay nangyayari sa loob ng dako ng karanasan. Bumibitiw sa kanilang mga tungkulin ang ilang tao kapag sumasapit sa kanila ang negatibong kaisipan, at sa bawa't dagok ay wala silang kakayahang tumayong muli. Lahat ng taong ito ay mga hangal na hindi nagmamahal sa katotohanan, at hindi nila ito makakamtan kahit pa buong buhay silang manampalataya. Paano makasusunod hanggang katapusan ang mga hangal na ito? Kung sampung beses nangyari sa iyo ang isang bagay, nguni't wala kang nakamtan mula rito, isa kang mababang uri at walang silbing tao. Ang matatalinong tao at yaong may totoong kakayahan na nakakaunawa sa espirituwal na mga bagay ay mga naghahanap ng katotohanan; kung may mangyari man sa kanila nang sampung beses, marahil sa walo sa mga kasong iyon, magagawa nilang magkamit ng kaunting inspirasyon, matuto ng kaunting aral, magtamo ng kaunting kaliwanagan, at makagawa ng kaunting pagsulong. Kapag ang mga bagay ay sampung beses na nangyayari sa isang hangal—isa na hindi naiintindihan ang espirituwal na mga bagay—ni isang beses ay hindi makikinabang ang buhay niya, ni isang beses ay hindi siya babaguhin nito, at ni isang beses ay hindi nito sasanhiin na maunawaan niya ang kanyang kalikasang taglay, at iyon na ang katapusan para sa kanya. Sa tuwing may nangyayari sa kanila, natutumba sila, at sa tuwing natutumba sila, kailangan nila ang iba upang alalayan sila at himukin; kung walang pag-alalay at paghimok, hindi sila makatatayo. Kung sa tuwing may nangyayari, nanganganib silang matumba, at kung, sa bawa't pangyayari, nanganganib silang mapasama, hindi ba ito katapusan na para sa kanila? May iba pa bang katwiran upang maligtas ang mga ganoong tao na walang silbi? Ang pagliligtas ng Diyos sa sangkatauhan ay pagliligtas sa mga nagmamahal sa katotohanan, pagliligtas sa bahagi nila na may kalooban at kapasyahan, at sa bahagi nila na naghahangad sa katotohanan at katuwiran sa kanilang puso. Ang kapasyahan ng isang tao ay ang bahagi nila sa kanilang puso na naghahangad sa katuwiran, kabutihan, at katotohanan, at nagtataglay

ng konsiyensya. Inililigtas ng Diyos ang bahaging ito ng mga tao, at sa pamamagitan nito, binabago Niya ang kanilang tiwaling disposisyon, upang maunawaan at makamit nila ang katotohanan, upang malinis ang kanilang katiwalian, at mabago ang kanilang disposisyon sa buhay. Kung wala sa loob mo ang mga bagay na ito, hindi ka maliligtas. Kung sa loob mo ay walang pagmamahal sa katotohanan o pagnanais para sa pagkamakatuwiran at liwanag; kung sa tuwing makakatagpo ka ng kasamaan ay wala kang kalooban na itakwil ang masasamang bagay ni kapasyahang dumanas ng paghihirap; kung, bukod dito, manhid ang iyong konsiyensya; kung ang iyong kakayahang tumanggap sa katotohanan ay namanhid din, at ikaw ay di-nakaayon sa katotohanan at sa mga pangyayaring dumarating; at kung sa lahat ng bagay ay hindi ka nakakaintindi, at hindi mo kayang pangasiwaan o lutasin ang mga bagay-bagay nang mag-isa, kung gayon ay walang paraan upang maligtas ka. Ang ganitong tao ay walang anumang mairerekomenda sa kanila, walang anumang sulit na pagsikapan. Ang kanilang konsiyensya ay manhid, ang kanilang isip ay maputik, at hindi nila minamahal ang katotohanan ni hinahangad ang katuwiran sa kaibuturan ng kanilang puso, at gaano man kaliwanag o kalinaw ang paghahayag ng Diyos ng katotohanan, hindi sila tumutugon, na para bang sila ay patay na. Hindi ba tapos na ang mga bagay-bagay para sa kanila? Ang isang taong may natitira pang hininga ay maaari pang mailigtas sa pamamagitan ng artipisyal na paghinga, nguni't, kung siya ay pumanaw na at lumisan na ang kanyang kaluluwa, walang magagawa ang artipisyal na paghinga. Kung, sa tuwing may kinakaharap kang problema, umuurong ka rito at sinusubukang iwasan ito, nangangahulugan ito na hindi ka pa nagpapatotoo; kung gayon, kailanman ay hindi ka maliligtas, at ganap na ang katapusan mo. Kapag nagkakaroon ka ng problema, kailangan mong kumalma at harapin ito nang tama, at kailangan mong magpasiya. Dapat mong matutuhang gamitin ang katotohanan para lutasin ang problema. Sa normal na mga panahon, ano ang silbi ng pag-unawa sa ilang katotohanan? Hindi iyon para busugin ka, at hindi lamang para mayroon kang masabi, ni hindi para lutasin ang mga

problema ng iba. Ang mas mahalaga, ang silbi niyon ay para lutasin ang sarili mong mga problema, sarili mong mga paghihirap—pagkatapos mong lutasin ang sarili mong mga paghihirap, saka mo lamang malulutas ang mga paghihirap ng iba. Bakit sinasabing si Pedro ay isang bunga? Sapagka't may mahahalagang bagay na nasa kanya, mga bagay na sulit gawing perpekto; desidido siyang hanapin ang katotohanan at matatag ang kalooban; siya ay may katinuan, nakahandang dumanas ng paghihirap, at minahal ang katotohanan sa kanyang puso, at hindi niya binitawan ang mga pangyayari. Magagandang katangian ang lahat ng ito. Kung wala ka ng magagandang katangian na ito, isa itong malaking problema. Ikaw ay walang kakayahang makaranas at walang karanasan, at hindi mo kayang lutasin ang mga paghihirap ng iba. Ito ay dahil hindi mo alam kung papaano pumasok. Ikaw ay nalilito tuwing mayroong nangyayari sa iyo; ikaw ay nababalisa, umiiyak, nagiging negatibo, tumatakas, at, anuman ang gawin mo, wala kang kakayahang mapangasiwahan sila nang tama.

Hinango mula sa "Ang Mga Taong Lito ay Hindi Naliligtas" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Pagdating sa inyong pananampalataya sa Diyos, bilang karagdagan sa maayos na pagganap ng iyong tungkulin, ang susi ay ang maunawaan ang katotohanan, pumasok sa katotohanang realidad, at mas magsikap pa upang makapasok sa buhay. Kapag may nangyari sa iyo, huwag mo itong hayaan; kapag naharap ka sa isang isyu at may ilang mga naiisip, o nagpapakita ng ilang mga pag-uugali, at sa tingin mo ay may mali ngunit hindi mo pa masabi kung ano ang nangyayari, at hindi mo alam kung paano ang paggawa sa bagay na ito, dapat kang magsalita at ibahagi ito sa lahat; kung matuklasan mong may problema, dapat kang magbahagi tungkol dito. Kapag ibinahagi mo ito, hindi mo mamamalayang pakaunti nang pakaunti ang mga katanungan mo at pag-aalinlangan, at mauunawaan ang mas marami pang mga katotohanan, at sa gayon lalago ang iyong tayog nang hindi mo man lang namamalayan. Kailangan mong magsumikap pa nang husto pagdating sa katotohanan, dapat mong ilagay

ang iyong puso dito. Sabi ng iba, “Naniwala ako sa Diyos sa loob ng maraming taon at naunawaan ang maraming doktrina. Mayroon na akong saligan. Ngayon, ang buhay sa aming iglesia sa ibang bansa ay mabuti, ang mga kapatid ay nagtitipon upang magbahagi ng mga bagay sa pananampalataya sa Diyos sa buong araw, at sa gayon ay nabubusog ako nang hindi ko namamalayan—at iyon ay sapat na. Hindi ko kailangang magsumikap sa paglutas sa mga suliranin ng aking sariling pagpasok sa buhay, o mga suliranin ng aking sariling paghihimagsik. Araw-araw, sumusunod ako sa aking nakatakdang oras na manalangin, kumain at uminom ng mga salita ng Diyos, kumanta ng mga himno, at gampanan ang aking tungkulin. Ginagawa ko ang gawaing dapat kong gawin, nang walang pagkukulang, at sa huli, ang aking buhay lumalago nang hindi ko namamalayan.” Iyon ang iniisip ng mga tao na nabahiran sa kanilang pananampalataya. Ang landas ng pananampalataya sa Diyos ay ang pinakamakatotohanang landas sa lahat; ang mga matunog sa pandinig ngunit hindi kailanman gumagawa ng anumang bagay na totoo ay walang makakamit. Aling mga tao ang may nakakamit? Yaong mga mapagkumbaba. Nakakaunawa ang mga taong ito ng ilang pangunahing bagay sa landas ng kanilang pananampalataya sa Diyos, sila ay praktikal, at mapagkumbaba sa lahat ng kanilang ginagawa at kapag isinasaalang-alang nila ang lahat ng kanilang ginagawa, kapag hinaharap nila ang lahat, at kapag pinapasok nila ang bawat katotohanan. Hindi sila mga taong matunog sa pandinig o nakatuon lamang sa paggawa. Sa halip, nararanasan nila ang lahat ng nangyayari sa kanila sa pamamagitan ng kanilang mga puso, inilalaan nila ang kanilang puso sa lahat ng kanilang ginagawa, at pagkatapos ay nakakakuha sila ng pag-unawa matapos ang bawat bagay na nangyari. Kapag may pagkakaiba-iba sa kanilang mga opinyon, o sa ilang natatanging panahon, may mapagkukunan sila ng aral. Ito ang taong may puso, at ito ang uri ng tao na magkakamit ng katotohanan sa huli. Ang mga taong wala sa sarili, sa huli, ay walang kakayahang makamit ang katotohanan; nakatuon lamang sila sa pisikal na pagsisikap ng sarili, sa paggawa, sa pagpapasikat, at mahihirapan nang

husto sa pagkamit ng katotohanan. Pagnilayan ito: Anong uri ng tao lamang ang makakapasok sa katotohanang realidad? Ang mga taong makatuwiran, ang mga taong ginagamit ang kanilang mga puso, mga may puso. Bukod dito, ang gayong mga tao ay higit na nakatuon sa katotohanan, sa mga bagay na totoo; dagdag dito, higit silang praktikal, mahal nila ang mga positibong bagay, mahal nila ang katotohanan, at mahal nila ang mga bagay na totoo. Sa huli, ang ganitong mga tao ay makakayang maunawaan at makamit ang katotohanan.

Hinango mula sa “Pagpasok sa Buhay ang Pinakamahalaga sa Pananalig sa Diyos” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Handa ang Diyos na gawing perpekto ang bawat isa sa inyo. Sa kasalukuyan, bagamat matagal nang tinanggap ng karamihan ng tao ang gawain ng Diyos, nilimitahan nila ang mga sarili nila sa pagpapainit lamang sa biyaya ng Diyos, at handa lamang na hayaan ang Diyos na bigyan sila ng kaunting ginhawa ng laman, subalit ayaw nilang tumanggap ng mas higit pa, at mas matataas, na mga pahayag. Ipinapakita nitong palagi pa ring nasa labas ang puso ng tao. Bagamat ang gawain ng tao, ang paglilingkod niya, at ang puso ng pagmamahal niya para sa Diyos ay may mas kaunting karumihan, kung ang panloob na diwa niya at ang paurong na pag-iisip niya ang pag-uusapan, palagi pa ring hinahangad ng tao ang kapayapaan at kasiyahan ng laman, at walang pakialam sa kung anu-ano ang mga kondisyon at mga layunin ng Diyos para sa pagpeperpekto sa tao. Kaya naman, masagwa at nabubulok pa rin ang buhay ng karamihan ng tao. Hindi nagbago kahit katiting ang mga buhay nila; sadyang hindi nila itinuturing na isang mahalagang bagay ang pananampalataya sa Diyos, na para bang may pananampalataya lamang sila alang-alang sa iba, kumikilos nang walang pagsisikap at pabayang nakararaos, inaanod sa isang walang-layong pag-iral. Kakaunti lamang yaong mga nagagawang maghangad na makapasok sa salita ng Diyos sa lahat ng bagay, na nagkakamit ng mas higit at mas masasaganang bagay, nagiging mga taong may mas higit na kayamanan sa tahanan ng Diyos ngayon, at

tumatanggap ng mas higit pang mga pagpapala ng Diyos. Kung hinahangad mong gawing perpekto ng Diyos sa lahat ng bagay, at nagagawang tanggapin ang ipinangako ng Diyos sa lupa, kung hinahangad mong maliwanagan ng Diyos sa lahat ng bagay at hindi hinahayaang lumipas ang mga taon nang nakatunganga, ito ang pinakamainam na landas na aktibong pasukin. Sa ganitong paraan ka lamang magiging karapat-dapat at magkakaroon ng karapatang gawing perpekto ng Diyos.

Hinango mula sa “Ang mga Pangako sa Yaong mga Nagawang Perpekto” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Talababa:

a. Wala sa orihinal na teksto ang pariralang “iniisip nila.”

106. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa Pagitan ng Pagganap ng Tungkulin at Pagbibigay ng Paglilingkod

(1) Ang tanging paraan upang tunay na magampanan ang tungkulin ng tao ay ang isabuhay ang bawat katotohanan bilang mga kahilingan ng Diyos at ang isagawa ng tao ang mga responsibilidad at mga pananagutan;

(2) Tanging sa pamamagitan lamang ng kakayahang pagdili-dilihin ang sarili sa pagganap ng tungkulin ng tao, sa liwanag ng mga salita ng Diyos, sa pagtakwil sa katiwalian, at sa pagsasagawa ng katotohanan maaaring kasiya-siyang magampanan ng tao ang tungkulin;

(3) Ang pagganap sa tungkulin ng tao alang-alang sa mga pagpapala at sa pag-asang magkakamit ng korona ng kaluwalhatian ay pagtatangkang makipagtawaran sa Diyos; sa diwa, ito ay pagbibigay ng paglilingkod sa Diyos;

(4) Malinaw na gumagawa lamang ng paglilingkod ang tao na palaging naghahangad ng reputasyon at ng katayuan sa pagganap ng kanilang tungkulin, at hindi tinatanggap man lamang ang katotohanan, bagkus ay patuloy na nagpapabaya at walang pagkainteres;

(5) Ang tanging paraan upang kasiya-siyang magampanan ang tungkulin ng tao ay ang hangarin ang katotohanan sa lahat ng bagay at

gawin ang mga bagay-bagay para sa layuning ibigin at bigyang-kaluguran ang Diyos, at maging tapat hanggang sa wakas.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Dapat maunawaan ng lahat ng nananalig sa Diyos ang Kanyang kalooban. Yaon lamang mga tumutupad nang wasto sa kanilang mga tungkulin ang nakapagpapalugod sa Diyos, at sa pagkumpleto lamang ng mga gawaing ipinagkakatiwala Niya sa kanila magiging katanggap-tanggap ang pagganap nila sa kanilang mga tungkulin. May mga pamantayan para sa pagsasakatuparan ng tagubilin ng Diyos. Sinabi ng Panginoong Jesus: “At iibigin mo ang Panginoon mong Diyos ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pag-iisip mo, at ng buong lakas mo.” Ang pag-ibig sa Diyos ay isang aspeto ng kung ano ang hinihiling ng Diyos sa mga tao. Sa katunayan, kapag binibigyan ng Diyos ang mga tao ng isang tagubilin, kapag ginaganap nila ang kanilang tungkulin mula sa kanilang pananampalataya, ang pamantayang hinihiling Niya sa kanila ay ang mga ito: ng buong puso mo, ng buong kaluluwa mo, ng buong pag-iisip mo, at ng buong lakas mo. Kung naroroon ka ngunit ang puso mo ay hindi, kung iniisip mo ang tungkol sa mga atas sa iyong ulo at isinasaulo ang mga ito, ngunit hindi mo inilalagay ang iyong puso sa mga ito, at kung isinasakatuparan mo ang mga bagay gamit ang sarili mong mga abilidad, iyan ba’y pagkumpleto ng tagubilin ng Diyos? Kaya anong klase ng pamantayan ang dapat makamtan upang magampanan nang maayos ang iyong tungkulin at maisakatuparan ang naipagkatiwala na sa iyo ng Diyos, at magampanan mo ang iyong tungkulin nang tapat? Iyan ang paggawa ng tungkulin mo ng buong puso mo, ng buong kaluluwa mo, ng buong pag-iisip mo, at ng buong lakas mo. Kung wala kang pusong nagmamahal sa Diyos, hindi uubra ang pagtatangka mong tuparin ang iyong tungkulin nang wasto. Kung tumitindi at lalo pang nagiging mas tunay ang pagmamahal mo sa Diyos, likas mong magagampanan ang iyong tungkulin nang buong puso mo, buong kaluluwa mo, buong isipan mo, at buong lakas mo.

Hinango mula sa “Kung Ano Talaga ang Inaasahan ng Mga Tao Para Mabuhay” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Anumang tungkulin ang iyong tinutupad, dapat mong palaging hangaring arukin ang kalooban ng Diyos at unawain kung ano ang Kanyang mga ipinagagawa sa iyong tungkulin; saka mo lamang maisasagawa ang mga bagay-bagay sa isang maprinsipyong paraan. Sa pagganap sa iyong tungkulin, hindi ka talaga maaaring sumunod sa iyong personal na mga kagustuhan, sa paggawa lamang ng anumang gusto mong gawin, anumang magpapasaya sa iyo at komportable kang gawin, o anumang makakaganda sa iyo. Kapag puwersahan mong iginiit ang iyong mga kagustuhan sa Diyos o isinasagawa ang iyong mga kagustuhan na parang ang mga ito ang katotohanan, sinusunod ang mga ito na parang mga katotohanang prinsipyo, kung gayon hindi iyan pagtupad sa iyong tungkulin at ang pagganap sa iyong tungkulin sa ganitong paraan ay hindi maaalala ng Diyos. Hindi nauunawaan ng ibang tao ang katotohanan, at hindi nila alam kung ano ang ibig sabihin ng tuparin nang maayos ang kanilang mga tungkulin. Sa tingin nila dahil ibinigay na nila ang kanilang buong puso at buong pagsisikap para rito, tinalikdan ang kanilang laman at nagdusa, dapat ay abot na sa pamantayan ang pagtupad nila ng kanilang mga tungkulin—ngunit bakit, kung gayon, palaging hindi nasisiyahan ang Diyos? Saan nagkamali ang mga taong ito? Ang pagkakamali nila ay na hindi nila hinahanap ang mga hinihingi ng Diyos, at sa halip ay kumikilos sila ayon sa mga sarili nilang ideya; itinuring nilang katotohanan ang mga sarili nilang hangarin, kagustuhan, at mga makasariling motibo, at itinuring nila ang mga ito na para bang ang mga ito ang gustung-gusto ng Diyos, na para bang ang mga ito ang Kanyang mga pamantayan at hinihingi. Itinuring nilang katotohanan ang pinaniwalaan nilang tama, mabuti, at maganda; mali ito. Ang totoo, kahit maaaring iniisip minsan ng mga tao na tama ang isang bagay at na umaayon ito sa katotohanan, hindi ito agad nangangahulugan na umaayon ito sa kalooban ng Diyos. Habang mas iniisip ng mga tao na tama ang isang bagay, lalo dapat silang maging maingat at lalo nilang dapat hanapin ang katotohanan upang makita kung natutugunan ng iniisip nila ang mga hinihingi ng Diyos. Kung sumasalungat ito sa Kanyang mga hinihingi at sa Kanyang mga salita, mali ka na isiping

tama ito, isa lamang itong kaisipan ng tao, at maaaring hindi umaayon sa katotohanan gaano mo man naiisip na tama ito. Ang pagtukoy mo ng tama at mali ay kailangang nakabatay sa mga salita ng Diyos lamang, at gaano mo man naiisip na tama ang isang bagay, kung hindi ito nakabatay sa mga salita ng Diyos, kailangan mo itong iwaksi. Ano ang tungkulin? Ito ay isang tagubiling ipinagkatiwala ng Diyos sa mga tao. Kaya paano mo dapat tuparin ang iyong tungkulin? Sa pagkilos alinsunod sa mga hinihiling at pamantayan ng Diyos, at sa pagbatay ng iyong pag-uugali sa mga katotohanang prinsipyo sa halip na sa mga pansariling hangarin ng tao. Sa ganitong paraan, aayon sa pamantayan ang pagtupad mo sa iyong mga tungkulin.

Hinango mula sa “Tanging sa Paghahanap ng Mga Prinsipyo ng Katotohanan Nagagampanan nang Maigi ng Isa ang Kanyang Tungkulin” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Anumang tungkuling iyong tinutupad ay kinapapalooban ng pagpasok sa buhay. Kung palagian man o pabagu-bago ang iyong tungkulin, nakakabagot man o masigla, dapat mong maabot palagi ang pagpasok sa buhay. Ang mga tungkuling ginagampanan ng ilang tao ay medyo nakakabagot; pare-pareho lang ang ginagawa nila araw-araw. Gayunpaman, kapag ginagampanan ang mga ito, ang mga katayuang inihahayag ng mga taong ito ay hindi gayong magkahalintulad. Kung minsan, kapag maganda ang pakiramdam nila, mas masipag ang mga tao at mas maganda ang kinalalabasan ng ginawa nila. Kung minsan naman, dahil sa hindi-malamang impluwensya, nag-uudyok ng kalokohan sa kanilang kalooban ang kanilang tiwali at mala-satanas na disposisyon, na nagiging dahilan para magkaroon sila ng di-wastong mga pananaw at sumásamâ ang kanilang katayuan at sumásamâ ang pakiramdam; dahil dito ay paimbabaw ang pagganap nila sa kanilang tungkulin. Ang mga panloob na katayuan ng mga tao ay palaging nagbabago; maaaring magbago ang mga ito saan mang lugar at anumang oras. Kung paano man nagbabago ang iyong katayuan, palaging maling kumilos batay sa iyong pakiramdam. Sabihin nang mas maganda ang trabaho mo kapag maganda

ang pakiramdam mo, at medyo masama kapag masama ang pakiramdam mo—ito ba ay may-prinsipyong paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay? Magiging kasiya-siya ba ang pagtupad mo sa iyong tungkulin sa ganitong paraan? Anuman ang kanilang pakiramdam, kailangang malaman ng mga tao na manalangin at iayos ang kanilang mga sarili sa harap ng Diyos, at hanapin ang katotohanan at kumilos nang may prinsipyo; gayon lamang sila makakaiwas na makontrol at matangay nang paroo't parito ng kanilang mga pakiramdam. Kapag tinutupad ang iyong tungkulin, dapat mong suriin palagi ang iyong sarili upang makita kung ginagawa mo ang mga bagay-bagay ayon sa prinsipyo, kung ang pagganap mo sa iyong tungkulin ay abot sa pamantayan, kung ginagawa mo lamang ang mga iyon nang paimbabaw o hindi, kung nasubukan mo nang iwasan ang iyong mga responsibilidad, at kung may anumang mga problema sa iyong pag-uugali at sa paraan ng iyong pag-iisip. Sa sandaling nakapagmuni-muni ka na at naging malinaw sa iyo ang mga bagay na ito, magiging mas madali ang pagtupad mo sa iyong tungkulin. Anuman ang maranasan mo habang ginagawa mo ang iyong tungkulin—pagiging negatibo at mahina, o pagkakaroon ng masamang pakiramdam matapos kang mapakitunguhan—dapat mo itong tratuhin nang maayos, at kailangan mo ring hanapin ang katotohanan at unawain ang kalooban ng Diyos. Sa paggawa ng mga bagay na ito, magkakaroon ka ng isang landas sa pagsasagawa. Kung nais mong maging maganda ang iyong trabaho sa pagtupad sa iyong tungkulin, kailangan ay huwag kang paapekto sa iyong pakiramdam. Gaano man ka-negatibo o kahina ang iyong nararamdaman, dapat mong isagawa ang katotohanan sa lahat ng iyong ginagawa, nang may ganap na kahigpitan, at pagsunod sa mga prinsipyo. Kung gagawin mo ito, hindi ka lamang sasang-ayunan ng ibang tao, kundi magugustuhan ka rin ng Diyos. Sa gayon, ikaw ay magiging isang taong responsable at bumabalikat ng pasanin; magiging isa kang tunay na mabuting tao na talagang tumutupad sa iyong mga tungkulin nang abot sa pamantayan at lubos na isinasabuhay ang wangis ng isang tunay na tao. Ang gayong mga tao ay pinadadalisay at nagkakamit ng tunay na pagbabago kapag tumutupad sa kanilang mga

tungkulin, at masasabing matapat sa mga mata ng Diyos. Matatapat na tao lamang ang kayang magtiyaga sa pagsasagawa ng katotohanan at nagtatagumpay sa pagkilos nang may prinsipyo, at maaaring makatupad ng kanilang mga tungkulin na abot sa pamantayan. Ang mga taong kumikilos nang may prinsipyo ay tumutupad na maigi sa kanilang mga tungkulin kapag maganda ang pakiramdam nila; hindi sila nagtatrabaho lamang nang paimbabaw, hindi sila arogante at hindi nagpapasikat nang may kayabangan para gumanda ang reputasyon nila sa iba. Gayunpaman, kapag masama ang pakiramdam nila, tinatapos nila ang kanilang pang-araw-araw na mga gawain nang gayon din kasigasig at karesponsable, at kahit nagdaranas sila ng isang bagay na nakakasama sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin, o na medyo gumigipit sa kanila o gumagambala sa kanila habang ginagawa nila ang kanilang mga tungkulin, nagagawa pa rin nilang manahimik sa harap ng Diyos at manalangin, na sinasabing, “Gaano man kalaki ang problema ko—kahit bumagsak pa ang kalangitan—basta’t tinutulutan ako ng Diyos na patuloy na mabuhay, determinado akong gawin ang lahat para tuparin ko ang aking tungkulin. Bawa’t araw na tinutulutan akong mabuhay ay isang araw na magtatrabaho ako nang husto sa pagganap sa aking tungkulin nang sa gayon ako ay karapat-dapat sa tungkuling ito na ipinagkaloob sa akin ng Diyos, gayundin sa hiningang ito na ipinasok niya sa aking katawan. Gaano man ako nahihirapan, isasantabi ko ang lahat ng iyon, sapagka’t ang pagtupad sa aking tungkulin ang pinakamahalaga!” Yaong mga hindi apektado ng sinumang tao, anumang kaganapan, bagay, o kapaligiran, na hindi kontrolado ng anumang pakiramdam o sitwasyon sa labas, at inuuna sa lahat ang kanilang mga tungkulin at atas na naipagkatiwala sa kanila ng Diyos—sila ang mga taong matapat sa Diyos at tunay na nagpapasakop sa Kanya. Ang ganitong mga tao ay nakamtan na ang pagpasok sa buhay at nakapasok na sa katotohanang realidad. Ito ay isa sa pinakapraktikal at tunay na mga pagpapahayag ng pagsasabuhay ng katotohanan.

Hinango mula sa “Ang Pagpasok sa Buhay ay Dapat Magsimula sa Karanasan ng Pagganap sa Tungkulin ng Isa” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ginagawa ng karamihan sa mga tao ang kanilang mga tungkulin na may ganitong kalagayan ng pag-iisip: “Kung may isang taong mamumuno, susunod Ako. Ako ay susunod saanman man sila mamuno, at gagawin ang anumang hilingin nilang gawin ko.” Sa kabilang banda, ang pagtanggap ng responsibilidad o alalahanin o ang magbigay ng dagdag na pansin ay mga bagay na hindi nila maisakatuparan at mga halaga na hindi sila handang bayaran. Nakikibahagi sila sa paggugol ng pisikal na lakas, ngunit hindi sila nakikibahagi sa responsibilidad. Hindi ito tapat na pagtupad sa tungkulin ng isang tao. Kailangan mong matutunang isapuso ang iyong tungkulin; kung may puso ang isang tao, kailangan niyang gamitin ito. Kung hindi ginagamit ng tao ang kanilang puso, pinatutunayan nito na sila ay walang puso, at hindi maaaring matamo ng isang walang pusong tao ang katotohanan! Bakit hindi nila maaaring matamo ang katotohanan? Hindi nila alam kung paano humarap sa Diyos; hindi nila alam kung paano isapuso ang pagtingin sa kaliwanagan at patnubay ng Diyos, o kung paano isapuso ang pagninilay o ang paghahanap ng katotohanan, o ang paghahanap, pag-unawa at pagpapakita ng pagsasaalang-alang sa kalooban ng Diyos. Nasa mga kalagayan ba kayo na nagagawa ninyong maging tahimik nang madalas sa harapan ng Diyos, at kung saan, anuman ang mangyari o anuman ang inyong tungkulin, nagagawa ninyong harapin ang Diyos nang madalas, ay gamitin ang inyong puso para pagnilayan ang mga salita ng Diyos, at isapuso ang paghahanap ng katotohanan at pagninilay kung paano isagawa ang iyong tungkulin? Madalas ba ang ganitong mga pagkakataon? Ang pagsasapuso ng iyong tungkulin at pagtanggap ng responsibilidad ay nangangailangan ng iyong pagdurusa at pagsisikap—hindi sapat ang pag-usapan lamang ito. Kung hindi mo isasapuso sa iyong tungkulin, sa halip ay palagi mong gustong magsikap sa pisikal, siguradong hindi magagawa nang maayos ang iyong tungkulin. Tatapusin mo lamang ito nang hindi nag-iisip at wala nang iba pa, at hindi mo malalaman kung gaano kahusay mong nagawa ang iyong tungkulin. Kung isasapuso mo ito, unti-unti mong mauunawaan ang katotohanan; kung hindi, hindi mo ito mauunawaan. Kapag isasapuso mo ang pagganap sa iyong tungkulin at

hahanapin ang katotohanan, unti-unti mong mauunawaan ang kalooban ng Diyos, matutuklasan ang sarili mong katiwalian at mga kakulangan, at makakasanayan ang iyong iba-ibang kalagayan. Kung hindi mo gagamitin ang puso mo para suriin ang iyong sarili, at magtutuon lamang sa panlabas na pagsisikap, hindi mo matutuklasan ang iba't ibang kalagayan na nanggagaling sa puso mo at ang lahat ng reaksyon mo sa iba't ibang sitwasyon sa paligid; kung hindi mo gagamitin ang puso mo para suriin ang iyong sarili, mahihirapan kang lutasin ang mga problema sa puso mo. Kung gayon, dapat mong gamitin ang iyong puso at ang iyong katapatan sa pagpuri at pagsamba sa Diyos. Upang magamit ang iyong puso at katapatan sa pagsamba sa Diyos, kailangan mong magkaroon ng puso na tahimik at taos; kailangan mong matutunang hanapin ang kalooban at katotohanan ng Diyos sa pinakakaibuturan ng iyong puso, at kailangan mong pagnilayan kung paano gawin ang iyong tungkulin nang maayos, pinagninilayan kung aling mga bahagi ng iyong tungkulin ang hindi mo pa nauunawaan at kung paano mas mapabuti ang paggawa ng iyong tungkulin. Matatamo mo ang katotohanan sa pamamagitan lamang ng pag-iisip sa mga bagay na ito nang madalas sa iyong puso. Kung hindi ang mga bagay na ito ang pinagninilayan mo nang madalas sa iyong puso, at sa halip ang iyong puso ay puno ng mga bagay ng isipan o mga panlabas na bagay, abala sa mga bagay na tulad nito na walang kinalaman sa paggamit ng iyong puso at katapatan sa pagsamba sa Diyos—walang anumang kinalaman rito—kung gayon, natamo mo ba ang katotohanan? Mayroon ka bang ugnayan sa Diyos?

Hinango mula sa "Sa Pamamagitan Lamang ng Pagiging Matapat Maaaring Makapamuhay na Tulad ng Isang Tunay na Tao" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang pagseserbisyo ay nangangahulugang ginagawa mo ang anumang ibig mong gawin, kahit papaano, sa pasubaling ang ginagawa mo ay hindi nakasisiphayo sa disposisyon ng Diyos. Hangga't walang sinumang nagsisiyasat sa mga kilos mo at hangga't ang ginagawa mo ay katanggap-tanggap, iyan ay sapat na. Hindi mo inaalintana sa iyong sarili ang mga

pagbabago ng disposisyon, sa paggawa ng mga bagay alinsunod sa mga katotohanang prinsipyo, sa pagbibigay-lugod sa kalooban ng Diyos, at higit pang hindi sa kung paano magpapasakop sa mga pangangasiwa at pagsasaayos ng Diyos, o kung paano mo gagawin nang mahusay ang iyong tungkulin at ilalahad ang mga ito sa Diyos. Hindi mo iniisip ang anuman sa mga bagay na ito, at ito ang tinatawag na pagseserbisyo. Ang pagseserbisyo ay tungkol sa lahat ng makakayang pagsisikap ng sarili at paggawa na tila ba ikaw ay isang alipin, mula umaga hanggang gabi. Kung itatanong mo sa ganitong tao, “Ang lahat ng mga taon ng mapait, masikhay na pagsisikap na binabaran mo ng iyong sarili, para saan na ang lahat ng ito?” sa gayon ay isasagot nila, “Saan pa, upang makapagtamo ako ng mga pagpapala.” Kung tatanungin mo sila kung nagkaroon ba ng pagbabago ang kanilang disposisyon bilang bunga ng lahat ng taon na naniniwala sila sa Diyos, kung sila ba ay naging tiyak na sa pag-iral ng Diyos, kung mayroon ba silang ilang antas ng totoong pagkaunawa o karanasan sa mga pangangasiwa at pagsasaayos ng Tagapaglikha, ang sagot sa mga ito ay walang pasubaling “Hindi,” at hindi nila magagawang magsalita patungkol sa alinman sa mga bagay na ito. Kung walang pagbuti o pagsulong sa alinman sa mga tagapagpahiwatig na nauugnay sa mga pagbabago ng disposisyon, ang naturang tao ay patuloy lamang na nagbibigay ng serbisyo. Ipagpalagay na ang isang tao ay nagseserbisyo sa loob ng maraming taon at, nang hindi natatanto, ay nakaunawa na nagtataglay pala sila ng tiwaling disposisyon, na madalas silang naghihimagsik laban sa Diyos, na madalas silang sumasambit ng mga karaingan, na madalas ay hindi nila masunod ang Diyos, na sila ay lubhang may katiwalian, na gaano pa mang sabihin sa kanila ng Diyos na magpasakop sa Kanya ay hindi nila ito magawa. Tinatangka nilang pigilan ang kanilang mga sarili ngunit hindi ito gumagana, at gayundin ang pagsumpa sa kanilang mga sarili o ang pagmumura. Sa huli, natutuklasan nila: “Tunay ngang ang tao ay nagtataglay ng tiwaling disposisyon, at kaya nga nagagawa niyang maghimagsik laban sa Diyos. Tuwing may nangyayaring isang bagay, laging may kani-kanilang pagnanasa ang mga

tao, at palagi nilang sinasaliksik ang mga pangangasiwa at pagsasaayos ng Diyos. Bagama't laan silang magsikap, sa sandaling may isang bagay na magsasangkot sa kanilang disposisyon at mga ligaw na ambisyon at pagnanasa, mga balak at hangad, hindi nila magawang talikuran o pakawalan ang mga ito. Lagi nilang ibig gawin ang bagay sa paraang ikasisiya nila. Ganito ako, at tunay ngang ako ay mahirap pangasiwaan! Ano ang maaaring gawin?" Kung nasimulan na nilang pag-isipan ang mga bagay na ito, mayroon na silang mumunting pagkakaunawa sa mga pamamaraan ng tao. Kung balang araw ay makakuha ng tunay na gawain ang mga taong sangkot sa pagseserbisyo, magagawa nilang itutok ang kanilang mga kaisipan sa mga pagbabago ng disposisyon, magkamit ng pang-unawa na sa katunayan, sila rin ay may tiwaling disposisyon, na sila rin ay mayayabang at hindi magawang magpasakop sa Diyos, at hindi na maaaring magpatuloy sa ganitong paraan; sa pagdating ng panahon na magagawa na nilang isipin ang mga bagay na ito, napasimulan na rin nila ang kanilang pagpihit at may pag-asang maaaring magbago ang kanilang disposisyon at maaari silang magkamit ng kaligtasan. Ipagpalagay na may isang tao na hindi kailanman naiisip ang mga bagay na ito, at ang tanging alam lamang nila ay kung paano magtrabaho, taglay sa isip na ang pagtapos sa kanilang ginagawa ang tanging kinakailangan upang magawa nang ganap ang tagubilin ng Diyos, at kapag natapos na sila sa kanilang pagsusumikap ay nagampanan na nilaa nang maayos ang kanilang tungkulin, nang hindi man lang iniisip kung ano ang mga hinihingi ng Diyos, tungkol sa kung ano ang katotohanan, o kung sila ba ay mapapabilang na isang taong sumusunod sa Diyos—hindi nila kailanman pinag-iisipan ang mga bagay na ito. Ang isang tao ba na gumagawa ng kanyang tungkulin sa ganitong paraan ay magkakamit ng kaligtasan? Ang sagot ay hindi. Hindi pa sila nakakatapak sa daan patungo sa pagkakamit ng kaligtasan o sa tamang landas ng paniniwala sa Diyos, at hindi pa nila naitatatag ang wastong pakikipag-ugnayan sa Diyos, at sa kabila nito ay nagsusumikap pa rin sila at nagseserbisyo sa tahanan ng Diyos. Ang ganitong uri ng tao ay nagseserbisyo sa tahanan ng Diyos, at kinukupkop at

pinangangalagaan sila ng Diyos, subalit wala Siyang balak na iligtas sila, o kaya ay makitungo sa kanila at bawasan sila, o kaya ay hatulan at kastiguhin sila, o kaya ay ipasailalim sila sa mga pagsubok o pagpipino; hinahayaan lamang Niya silang makakuha ng ilang mga biyaya sa buong buhay na ito, at wala nang iba pa. Kung dumating ang panahong malalaman ng mga taong ito kung paano pagninilayan ang mga bagay na ito at uunawain ang mga pangangaral na kanilang naririnig, matatanto nila: “Ito pala ang kahulugan ng paniniwala sa Diyos. Kung gayon, kailangan kong hangarin na makamit ang kaligtasan. Kung hindi, at sa halip ay manatili na lamang sa pagbibigay ng serbisyo, ito ay mawawalan ng anumang kinalaman sa paniniwala sa Diyos.” Pagkaraan ay pag-iisipan nila: “Anong mga aspekto ng tiwaling disposisyon ang tinataglay ko? Ano ba talaga ang bagay na ito, itong tiwaling disposisyon? Anupaman, dapat muna akong magpasakop sa Diyos!” Ang mga bagay na ito ay may kaugnayan sa katotohanan at sa mga pagbabago ng disposisyon, at may pag-asa para sa kanila.

Hinango mula sa “Tanging sa Paghahanap ng Mga Prinsipyo ng Katotohanan Nagagampanan nang Maigi ng Isa ang Kanyang Tungkulin” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang inyong saloobin patungkol sa inyong tungkulin ay, Titingnan ko kung may magagawa akong gaano man kaliit, kung ano ang makakaya kong mairaos; nagpapatayong-tayong ka, walang pakialam sa kung gaano katagal na pagkaantala ang idinudulot mo. Ngunit kung taimtim ninyong itinuring ang mga bagay, mabilis sana ninyong matatapos ang mga ito. May ilang mga bagay na hindi ninyo alam kung paano gawin, kaya’t binibigyan ko kayo ng mga tiyak na tagubilin. Hindi ninyo kailangang mag-isip, kailangan lamang ninyong makinig at ipagpatuloy ito—ngunit kahit iyan ay lampas sa inyo. Nasaan ang inyong katapatan? Hindi ito makita kahit saan! Hanggang salita lamang kayo at walang puso. Kahit nakauunawa ang inyong mga puso mo, wala kayong ginagawa. Isang tao ito na hindi nagmamahal sa katotohanan! Kung nagagawa ninyong makita ito ng inyong mga mata at nararamdaman ito sa inyong puso, ngunit wala

pa ring ginagawa, kung gayon ay bakit pa may puso? Hindi pinamamahalaan ng maliit na piraso ng iyong budhi ang mga kilos mo, hindi nito pinangangasiwaan ang iyong mga saloobin—kaya anong silbi nito? Wala itong halaga; palamuti lamang ito. Tunay na kalunos-lunos ang pananampalataya ng tao! At ano ang kalunos-lunos tungkol dito? Kahit nauunawaan niya ang katotohanan, hindi niya ito isinasagawa. Kahit lubusang nauunawaan niya ang suliranin, hindi niya inaako ang pananagutan para rito; alam niyang ito ay kanyang pananagutan, ngunit hindi niya ito isinasapuso. Kung hindi mo aakuin ang mga pananagutang abot-kamay mo, ano ang halaga ng mga yaong kakaunting pananagutang isinasagawa mo? Anong bisa mayroon sila? Gumagawa ka lamang ng isang pagsisikap na walang gaanong katuturan, nagsasabi ng mga bagay para lamang may masabi. Hindi mo ito isinasapuso, lalong hindi pinag-uukulan ng lahat mong sigla. Hindi ito pagganap sa iyong tungkulin sa abot ng isang katanggap-tanggap na pamantayan, walang katapatang naisasangkot; namumuhay ka lamang sa pawis ng iyong pagsusumikap, nakararaos bilang isang tagasunod ng Diyos. May anumang kabuluhan ba sa pananampalatayang tulad nito? Napakahamak ng ganyang pananampalataya—ano ang halaga nito? Kapag ginagampanan mo ang iyong tungkulin, may halagang dapat kang bayaran. Dapat mo itong taimtim na ituring. Ano ang ibig sabihin ng taimtim itong ituring? Ang taimtim na pagtuturing ay hindi nangangahulugan ng pagbibigay ng kaunting pagsisikap o pagdaranas ng kaunting pisikal na pagpapahirap. Ang mahalaga ay may Diyos sa iyong puso, at isang pasanin. Sa iyong puso, dapat mong timbangin ang kahalagahan ng iyong tungkulin, at pagkaraan ay pasanin ang bigat at pananagutang ito sa lahat ng ginagawa mo at isapuso ito. Dapat mong gawing karapat-dapat ang iyong sarili sa misyon na ibinigay sa iyo ng Diyos, gayundin sa lahat ng nagawa ng Diyos para sa iyo, at sa Kanyang mga inaasam para sa iyo. Tanging sa paggawa niyon ang magiging taimtim na pagtuturing. Walang silbi ang paggawa ng mga bagay-bagay nang walang kahirap-hirap; maaari mong mapaglalangan ang mga tao, ngunit hindi mo malilinlang ang Diyos. Kung

walang tunay na kabayaran at walang katapatan kapag ginagampanan mo ang iyong tungkulin, kung gayon ay hindi ito umaabot sa pamantayan. Kung hindi mo taimtim na itinuring ang iyong pananampalataya sa Diyos at pagganap sa iyong tungkulin; kung palagi kang kumikilos nang walang pagsisikap at walang interes sa iyong mga kilos, tulad sa isang hindi naniniwala na gumagawa para sa kanilang amo; kung gumagawa ka lamang ng isang walang-katuturang pagsisikap, umaangkop kahit paano nang walang gaanong pagpaplano o pagsisikap sa bawat araw na dumarating, hindi pinapansin ang mga suliranin kapag nakikita mo ang mga ito, nakikita ang isang ligwak at hindi ito nililinis, at walang patumanggang iwinawaksi ang lahat-lahat na hindi na mapakikinabangan—hindi ba ito kaguluhan? Paanong magiging kasapi ng sambahayan ng Diyos ang isang tao na katulad nito? Mga tagalabas ang gayong mga tao; hindi sila nabibilang sa tahanan ng Diyos. Sa puso mo, malinaw sa iyo ang tungkol sa kung ikaw by nagiging tunay, nagiging taimtim, kapag ginagampanan mo ang iyong tungkulin, at ang Diyos man ay nagtatala. Kaya, taimtim ba ninyong itinuring ang pagganap ng inyong tungkulin? Isinapuso na ba ninyo ito? Itinuring mo na ba ito bilang iyong pananagutan, iyong pasanin? Inari mo na ba ito? Nagsalita ka ba noong natuklasan mo ang isang suliranin habang ginagampanan ang iyong tungkulin? Kung hindi ka pa kailanman nagsalita pagkaraang matuklasan o naisip man lang ang isang suliranin, kung ayaw mong magbaling ng pansin sa ganitong mga bagay, at iniisip na higit na mabuting maging malayo sa kaguluhan—kung iyan ang prinsipyong dinadala mo patungkol sa mga ito, kung gayon ay hindi mo ginagampanan ang iyong tungkulin; namumuhay ka sa pawis ng iyong pagsisikap, ginagawa mo ang pagsisilbi. Hindi nabibilang sa tahanan ng Diyos ang mga tagapagsilbi. Sila ay mga kawani; pagkaraang tapusin ang kanilang gawain, kinukuha nila ang kanilang salapi at lumilisan, tungo sa kani-kaniyang daan at nagiging banyaga sa isa’t isa. Iyan ang kanilang ugnayan sa tahanan ng Diyos. Naiiba ang mga kasapi ng tahanan ng Diyos: Pinaghihirapan nila ang lahat-lahat sa tahanan ng Diyos, inaako nila ang pananagutan, nakikita ng kanilang mga mata ang

mga kailangang gawin sa tahanan ng Diyos at pinananatili ang mga gawaing ito sa kanilang isip, natatandaan nila ang lahat-lahat na kanilang naiisip at nakikita, may pasanin sila, may pakiramdam sila ng pananagutan—ito ang mga kasapi ng tahanan ng Diyos. Naabot na ba ninyo ang puntong ito? (Hindi.) Kung gayon ay malayo pa ang inyong lalakbayin, kaya dapat ninyong ipagpatuloy ang pagtugis! Kung hindi mo ipinalalagay ang iyong sarili na isang kasapi ng tahanan ng Diyos at tinatanggal ang iyong sarili, kung gayon ay paano ka titingnan ng Diyos? Hindi ka itinuturing ng Diyos na isang tagalabas; ikaw ang naglalagay sa iyong sarili sa kabila ng Kanyang pinto. Kaya, sa tahasang pananalita, ano uri ka talagang tao? Wala ka sa Kanyang tahanan. May anumang kinalaman ba ito sa kung anong sinasabi o tinutukoy ng Diyos? Ikaw ang naglalagay sa iyong layunin at katayuan sa labas ng tahanan ng Diyos—sino pa ang maaaring sisihin?

Hinango mula sa “Ang Mahusay na Pagganap ng Tungkulin ay Nangangailangan ng Kahit Man Lamang Isang Budhi” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Hindi alintana kung ano ang mga talento, kaloob, o galing mayroon ang mga tao, ginagamit lamang nila ang kanilang lakas sa pagganap ng kanilang tungkulin at sa paggawa ng mga bagay-bagay. Hindi alintana kung ano ang ginagawa nila, umaasa sila sa kanilang mga pagguni-guni, pagkaunawa o sarili nilang katutubong gawi. Hindi nila kailanman hinahanap ang kalooban ng Diyos, at walang iniisip o pangangailangan sa kanilang mga puso, sinasabing, “Ginaganap ko ang aking tungkulin. Dapat kong isagawa ang katotohanan.” Ang tanging pag-uumpisang punto para sa kanilang pag-iisip ay gawin ang trabaho nang maigi at kumpletuhin ang atas. Kaya ito ba’y isang lubusang nabubuhay sa kanilang mga kaloob, talento, abilidad, at galing? Sa pananampalataya ng mga ganoong tao, iniisip lamang nila ang paggamit ng kanilang lakas, pagbebenta ng kanilang sariling pagpapagal, pagbebenta ng kanilang sariling galing. Ito’y partikular kapag binibigyan sila ng tahanan ng Diyos ng mga pangkalahatang atas na gagawin na ginagamit ng karamihan sa mga tao

ang ganitong pananaw bilang pamamaraan sa mga bagay-bagay. Ang ginagawa lamang nila'y magpunyagi. Kung minsan ang ibig sabihin niyan ay paggamit ng kanilang bibig, kung minsan ay paggamit ng kamay at pisikal na lakas, kung minsan ito'y paggamit ng kanilang mga mata, at kung minsan ang ibig sabihin ay pagparoo't-parito. Bakit sinasabi na ang pamumuhay sa pamamagitan ng mga bagay na iyon ay paggamit ng sariling lakas, at hindi pagsasagawa ng katotohanan? May isang binibigyan ng atas ng tahanan ng Diyos, at iniisip lamang nila kung paano kumpletuhin ang gawaing ito kaagad upang maaaring makapag-ulat sa mga pinuno ng iglesia at makamtan ang kanilang papuri. Maaaring makabuo sila ng planong paisa-isang hakbang. Mukhang sila'y napakasigasig, nguni't nakatuon lamang sila sa pagkumpleto ng gawain bilang pagpapakita lamang, o kapag ginagawa nila ito, naglalagay sila ng sariling pamantayan para sa kanilang mga sarili: paano gawin ito upang maging masaya at kontento sila, nakakamit ang antas ng pagka-perpekto na pinagsisikapan nila. Hindi alintana kung anong plano o pamantayan ang inilalagay nila, kung walang ugnayan sa katotohanan, kung hindi nila hinahanap ang katotohanan o hinahanap na maunawaan at pagtibayin kung ano ang hihihingi sa kanila ng Diyos bago kumilos, nguni't sa kabaligtaran ay kumikilos sila nang nabubulagan, sa kalituhan, ito'y pagpupunyagi lamang sa sarili nila. Kumikilos sila ayon sa sarili nilang pagnanais, sarili nilang utak o mga kaloob, o ayon sa sarili nilang abilidad at galing. At ano ang kahihinatnan ng paggawa ng kanilang atas sa ganitong paraan? Ang atas ay maaaring naisakatuparan na, walang sinuman ang nakakita ng anumang pagkakamali, at maaaring nararamdaman mong napakasaya mo rito. Nguni't habang ginagawa ito, una: hindi mo naunawaan ang intensiyon ng Diyos; at ikalawa: hindi mo ginawa ito nang buong puso, buong isip, at buong lakas mo—hindi mo inilagay ang buong puso mo rito. Kung hinanap mo na ang mga prinsipyo ng katotohanan, kung hinanap mo na ang kalooban ng Diyos, kung gayon dapat naging epektibo ka nang 90% sa pagkumpleto nito, makakaya mo rin na makapasok sa realidad ng katotohanan, at tumpak na mauunawaang

ang ginagawa mo ay nakaayon sa kalooban ng Diyos. Nguni't kung ikaw ay naging pabaya at padalus-dalos, kahit na maaaring nakumpleto na ang atas, sa iyong puso hindi ka magiging malinaw kung gaano mo kaigi naisakatuparan ito. Wala kang magiging sukatan, hindi mo man lamang malalaman kung nakaayon ito kalooban ng Diyos o hindi, o kung nakaayon ito sa katotohanan o hindi. Samakatuwid, sa tuwing ang mga tungkulin ay ginaganap sa ganitong uri ng kalagayan, maituturing ito sa dalawang salita—sariling pagpupunyagi.

Hinango mula sa "Kung Ano Talaga ang Inaasahan ng Mga Tao Para Mabuhay" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Para sa ilang tao, anuman ang isyung maaari nilang kaharapin sa pagganap sa kanilang tungkulin, hindi nila hinahanap ang katotohanan, at palagi silang kumikilos ayon sa kanilang sariling mga saloobin, kuro-kuro, imahinasyon, at hangarin. Palagi nilang binibigyang-kasiyahan ang sarili nilang mga makasariling hangarin, at palaging kontrolado ng kanilang mga tiwaling disposisyon ang kanilang mga kilos. Bagama't maaari nilang tapusin ang mga tungkuling nakatalaga sa kanila, wala silang nakakamit na anumang katotohanan. Kaya, saan umaasa ang mga taong ito kapag ginagampanan nila ang kanilang mga tungkulin? Hindi sila umaasa sa katotohanan ni sa Diyos. Ang kapirasong katotohanang iyon na nauunawaan nila ay hindi pa nangingibabaw sa kanilang puso; umaasa sila sa sarili nilang mga kaloob at kakayahan, sa anumang kaalamang natamo nila, at sa kanilang mga talento, gayundin sa kanilang sariling pagpupursigi o mabubuting layon, para makumpleto ang mga tungkuling ito. Maayos ba itong pagganap ng kanilang tungkulin? Kasiya-siya ba itong pagganap ng kanilang tungkulin? Bagama't kung minsan ay maaari kang umasa sa iyong pagiging natural, imahinasyon, mga kuro-kuro, kaalaman, at natutuhan sa pagtupad sa iyong tungkulin, walang lumilitaw na mga isyu tungkol sa prinsipyo sa ilan sa mga bagay na ginagawa mo. Sa unang tingin, mukhang hindi ka pa tumatahak sa maling landas, ngunit may isang bagay na hindi maaaring palampasin: Sa proseso ng pagganap sa iyong

tungkulin, kung hindi nagbabago ang iyong mga kuro-kuro, imahinasyon, at personal na hangarin kailanman at hindi napapalitan ng katotohanan kailanman, at kung ang iyong mga kilos at gawa ay hindi isinasakatuparan alinsunod sa katotohanang prinsipyo, ano ang huling kalalabasan nito? Magiging tagasilbi ka. Ito mismo ang nakasulat sa Biblia: “Marami ang mangagsasabi sa Akin sa araw na yaon, Panginoon, Panginoon, hindi baga nagsipanghula kami sa Iyong pangalan, at sa pangalan Mo’y nangagpalayas kami ng mga demonyo, at sa pangalan Mo’y nagsigawa kami ng maraming gawang makapangyarihan? At kung magkagayo’y ipahahayag Ko sa kanila, Kailanma’y hindi Ko kayo nangakilala: magsilayo kayo sa Akin, kayong manggagawa ng katampalasanan” (Mateo 7:22–23). Bakit tinatawag ng Diyos ang mga taong ito na nagsusumikap at naglilingkod na, “kayong manggagawa ng katampalasanan”? May isang punto tayong matitiyak, at iyon ay na anumang mga tungkulin o gawain ang ginagawa ng mga taong ito, ang kanilang mga motibo, pampasigla, layon, at saloobin ay nagmumulang lahat sa kanilang makasariling mga hangarin, na lubos na nakabatay sa sarili nilang mga ideya at personal na interes, at ang kanilang mga konsiderasyon at plano ay ganap na nakabatay sa kanilang reputasyon, katayuan, kapalaluan, at mga inaasam sa hinaharap. Sa kanilang kaibuturan, wala silang taglay na katotohanan, ni hindi sila kumikilos alinsunod sa katotohanang prinsipyo. Sa gayon, ano ang mahalagang hanapin ninyo ngayon? (Dapat nating hanapin ang katotohanan, at gampanan ang ating mga tungkulin alinsunod sa kalooban at mga hinihiling ng Diyos.) Ano ang partikular na dapat mong gawin kapag ginagampanan mo ang iyong mga tungkulin alinsunod sa mga hinihiling ng Diyos? Pagdating sa iyong mga layon at ideya kapag gumagawa ng isang bagay, kailangan mong matutuhan kung paano mahiwatigan kung umaayon ang mga ito sa katotohanan o hindi, gayundin kung ang iyong mga layon at ideya ay nakatuon sa pagtupad mo sa iyong makasariling mga hangarin o sa mga interes ng tahanan ng Diyos. Kung umaayon ang iyong mga layon at ideya sa katotohanan, magagawa mo ang iyong tungkulin ayon sa iyong iniisip; gayunman, kung hindi umaayon ang mga

ito sa katotohanan, kailangan mong pumihit kaagad at iwanan ang landas na iyon. Hindi tama ang landas na iyon, at hindi ka maaaring magsagawa sa gayong paraan; kung patuloy mong tatahakin ang landas na iyon, makakagawa ka ng kasamaan.

Hinango mula sa “Paano Maranasan ang mga Salita ng Diyos sa mga Tungkulin ng Isang Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Nasa ganitong uri ng kalagayan ang karamihan ng mga tao ngayon: “Upang makamit ang mga pagpapala, dapat kong gugulin ang aking sarili para sa Diyos at magdusa para sa Kanya. Upang makamit ang mga pagpapala, dapat kong talikdan ang lahat para sa Diyos; dapat kong tapusin ang ipinagkatiwala Niya sa akin, at tuparing mabuti ang aking tungkulin.” Pinangingibabawan ito ng layuning magtamo ng mga pagpapala, na isang halimbawa ng paggugol sa sarili sa kabuuan para sa layunin ng pagkakamit ng mga gantimpala mula sa Diyos at pagkakamit ng isang korona. Hindi nagtataglay ng katotohanan ang mga puso ng ganoong mga tao, at tiyak na binubuo lamang ang kanilang pagkaunawa ng ilang salita ng doktrina na ipinangangalandakan nila saan man sila mapadako. Ang landas nila ay ang landas ni Pablo. Ang pananampalataya ng ganoong mga tao ay isang kilos ng palagiang mabigat na gawain, at nararamdaman nila sa kaibuturan na kung higit silang gumagawa, higit na mapatutunayan ang kanilang katapatan sa Diyos, na kung higit na marami silang ginagawa, higit na tiyak na malulugod ang Diyos, at kung higit na marami silang ginagawa, higit silang magiging karapat-dapat na pagkalooban ng isang korona sa harap ng Diyos, at tiyak na tatanggap ng pinakadakilang mga pagpapala sa tahanan Niya. Iniisip nila na kung makakaya nilang tiisin ang pagdurusa, mangangaral, at mamamatay para kay Cristo, kung makakaya nilang ihandog ang mga sarili nilang buhay, at kung makakaya nilang makumpleto ang lahat ng mga tungkuling ipinagkatiwala sa kanila ng Diyos, kung gayon ay mabibilang sila sa mga taong higit na pinagpala ng Diyos—yaong mga nagtatamo ng pinakadakilang mga pagpapala—at sa gayon ay tiyak na pagkakalooban ng mga korona. Ito ang tiyakang

nailarawan ni Pablo sa isip at kanyang hinangad; ito ang mismong landas na nilakaran ni Pablo, at sa ilalim ng paggabay ng ganoong mga saloobin isinagawa ni Pablo ang paglilingkod sa Diyos. Hindi ba nagmula ang gayong mga saloobin at mga layunin sa isang makasatanas na kalikasan? Katulad lamang ito ng mga makamundong tao, na naniniwalang dapat nilang itaguyod ang karunungan habang nasa lupa, at pagkatapos lamang makamtan ito ay saka lamang sila mamumukod sa madla, magiging mga opisyal, at magkakaroon ng katayuan; iniisip nila na kapag mayroon na silang katayuan, matutupad na rin nila ang kanilang mga ambisyon at maiaangat ang kanilang mga tahanan at negosyo sa mga tiyak na antas. Hindi ba't lahat ng hindi mananampalataya ay tumahak na sa landas na ito? Yaong mga pinangingibabawan ng ganitong malasatanas na kalikasan ay maaari lamang maging katulad ni Pablo sa kanilang pananampalataya: "Dapat kong itakwil ang lahat upang gugulin ang sarili ko para sa Diyos; dapat akong maging tapat sa harap Niya, at di maglalaon, tatanggapin ko ang pinakamaringal na korona at ang mga pinakadakilang pagpapala." Ito rin ang katulad na pag-uugali ng mga makamundong tao na naghahangad ng mga makamundong bagay; wala talaga silang anumang ipinagkaiba, at sumasailalim din sa katulad na kalikasan. Kapag may ganitong uri ng malasatanas na kalikasan ang mga tao, naroroon sa mundo, maghahangad silang magtamo ng karunungan, katayuan, pagkatuto, at upang mamukod sa madla; sa tahanan ng Diyos, hahangarin nilang gugulin ang kanilang mga sarili para sa Diyos, maging tapat, at pagkaraan ay magkamit ng korona at mga dakilang pagpapala. Kung, pagkaraang maging mga mananampalataya sa Diyos, hindi pa rin nag-aangkin ang mga tao ng katotohanan at hindi dumaan sa isang pagbabago ng kanilang disposisyon, kung gayon ay tiyak na mapupunta sila sa landas na ito. Ito ay isang realidad na hindi maitatatwa ng sinuman, at ito ay isang landas na tuwirang kasalungat sa landas ni Pedro.

Hinango mula sa "Paano Lakaran Ang Landas ni Pedro" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang gawain ni Pedro ay ang gampanan ang tungkulin ng isang nilalang ng Diyos. Hindi siya gumanap sa papel ng isang apostol, kundi gumawa habang pinagsisikapang mahalin ang Diyos. Ang gawain ni Pablo ay naglaman din ng personal na pinagsisikapan niyang matamo: Ang kanyang pinagsisikapan ay walang iba kundi para sa kapakanan ng kanyang mga inaasam para sa hinaharap, at ng kanyang paghahangad sa isang magandang hantungan. Hindi siya tumanggap ng pagpipino sa panahon ng kanyang gawain, ni hindi siya tumanggap ng pagtatabas at pakikitungo. Naniwala siya na basta't ang gawaing kanyang ginawa ay nakatupad sa naisin ng Diyos, at lahat ng kanyang ginawa ay nakalugod sa Diyos, isang gantimpala ang naghintay sa kanya sa huli. Walang personal na mga karanasan sa kanyang gawain—lahat ng iyon ay para sa sariling kapakanan nito, at hindi isinagawa sa gitna ng paghahangad ng pagbabago. Lahat sa kanyang gawain ay isang transaksyon, hindi ito naglaman ng anuman sa tungkulin o pagpapasakop ng isang nilalang ng Diyos. Habang patuloy ang kanyang gawain, walang nangyaring pagbabago sa dating disposisyon ni Pablo. Ang kanyang gawain ay paglilingkod lamang sa iba, at hindi kayang magdulot ng mga pagbabago sa kanyang disposisyon. Isinagawa ni Pablo ang kanyang gawain nang tuwiran, nang hindi siya nagagawang perpekto o napapakitunguhan, at siya ay naganyak ng gantimpala. Iba si Pedro: Isa siyang taong sumailalim na sa pagtatabas at pakikitungo at sumailalim na sa pagpipino. Ang layunin at pangganyak ng gawain ni Pedro ay talagang naiiba kaysa kay Pablo. Bagama't hindi gumawa si Pedro ng maraming gawain, ang kanyang disposisyon ay sumailalim sa maraming pagbabago, at ang kanyang hinanap ay ang katotohanan, at tunay na pagbabago. Ang kanyang gawain ay hindi isinagawa para lamang sa kapakanan ng gawain mismo. Bagama't maraming gawaing ginawa si Pablo, lahat ng iyon ay gawain ng Banal na Espiritu, at kahit nakipagtulungan si Pablo sa gawaing ito, hindi niya ito naranasan. Kaya gumawa si Pedro ng mas kakaunting gawain ay dahil lamang sa hindi gumawa ng maraming gawain ang Banal na Espiritu sa pamamagitan niya. Ang dami ng kanilang gawain ay hindi tinukoy kung sila

man ay ginawang perpekto; ang pinagsikapan ng isa ay upang tumanggap ng mga gantimpala, at ng isa naman ay upang magkaroon ng sukdulang pagmamahal sa Diyos, at gampanan ang kanyang tungkulin bilang isang nilalang ng Diyos, hanggang sa maaari na niyang isabuhay ang isang kaibig-ibig na imahe upang mapalugod ang naisin ng Diyos. Sa panlabas na anyo sila ay magkaiba, gayundin ang kanilang mga kakanyahan. Hindi mo matutukoy kung sino sa kanila ang ginawang perpekto batay sa kung gaano karami ang ginawa nilang gawain. Hinangad ni Pedro na isabuhay ang larawan ng isang taong nagmamahal sa Diyos, maging isang taong sumunod sa Diyos, maging isang taong tumanggap ng pakikitungo at pagtatabas, at maging isang taong gumanap sa kanyang tungkulin bilang isang nilalang ng Diyos. Nagawa niyang italaga ang kanyang sarili sa Diyos, ilagak ang kanyang kabuuan sa mga kamay ng Diyos, at sundin Siya hanggang kamatayan. Iyon ang kanyang ipinasiyang gawin at, bukod pa riyan, iyon ang kanyang nakamit. Ito ang pangunahing dahilan kaya iba ang kanyang kinahinatnan sa kinahinatnan ni Pablo. Ang gawaing ginawa ng Banal na Espiritu kay Pedro ay upang gawin siyang perpekto, at ang gawaing ginawa ng Banal na Espiritu kay Pablo ay ang kasangkapanin siya. Iyan ay dahil ang kanilang likas na pagkatao at kanilang mga pananaw tungo sa paghahangad ay hindi pareho. Pareho nilang taglay ang gawain ng Banal na Espiritu. Inangkop ni Pedro ang gawaing ito sa kanyang sarili, at ibinigay rin ito sa iba; samantala, si Pablo naman ay nagkaloob lamang ng kabuuan ng gawain ng Banal na Espiritu sa iba, at walang natamo mismo mula rito. Sa ganitong paraan, matapos niyang maranasan ang gawain ng Banal na Espiritu sa loob ng maraming taon, halos walang ipinagbago si Pablo. Nanatili pa rin siya halos sa kalagayan ng kanyang likas na pagkatao, at siya pa rin ang dating Pablo. Kaya lamang, matapos magtiis ng paghihirap sa maraming taon ng paggawa, natuto siyang “gumawa,” at natutong magtiis, ngunit ang kanyang dating likas na pagkatao—ang likas niyang hilig na makipagpaligsahan at pumatay—ay nanatili pa rin. Matapos gumawa sa loob ng napakaraming taon, hindi niya alam ang kanyang tiwaling disposisyon, ni hindi niya naalis

sa kanyang sarili ang kanyang dating disposisyon, at malinaw pa rin iyong nakita sa kanyang gawain. Mas marami lamang siyang karanasan sa paggawa, ngunit hindi siya kayang baguhin ng gayon katiting na karanasan at hindi kanyang baguhin ang kanyang mga pananaw tungkol sa pag-iral o sa kabuluhan ng kanyang pinagsisikapang matamo. Bagama't gumawa siya sa loob ng maraming taon para kay Cristo, at hindi na muling inusig ang Panginoong Jesus kailanman, sa kanyang puso ay walang pagbabago sa kanyang kaalaman tungkol sa Diyos. Nangangahulugan ito na hindi siya gumawa upang ilaan ang kanyang sarili sa Diyos, kundi sa halip ay napilitan siyang gumawa para sa kapakanan ng kanyang hantungan sa hinaharap. Sapagkat, sa simula, inusig niya si Cristo, at hindi siya nagpasakop kay Cristo; siya ay likas na isang rebelde na sadyang kumontra kay Cristo, at isang taong walang alam tungkol sa gawain ng Banal na Espiritu. Nang halos patapos na ang kanyang gawain, hindi pa rin niya alam ang gawain ng Banal na Espiritu, at kumilos lamang sa sarili niyang kusa batay sa kanyang sariling pagkatao, nang hindi nagbibigay ni kaunting pansin sa kalooban ng Banal na Espiritu. Kaya nga ang kanyang likas na pagkatao ay napopoot kay Cristo at hindi sumunod sa katotohanan. Ang isang taong kagaya nito, na tinalikdan na ng gawain ng Banal na Espiritu, na hindi alam ang gawain ng Banal na Espiritu, at kumontra din kay Cristo—paano kaya maililigtas ang gayong tao? Maaari mang mailigtas ang tao o hindi ay hindi nakasalalay sa kung gaano karaming gawain ang kanyang ginagawa, o kung gaano siya nakalaan, kundi sa halip ay natutukoy sa kung alam niya o hindi ang gawain ng Banal na Espiritu, kung kaya niya o hindi na isagawa ang katotohanan, at kung nakaayon o hindi ang kanyang mga pananaw sa pagsisikap na matamo ang katotohanan.

Hinango mula sa "Ang Tagumpay o Kabiguan ay Depende sa Landas na Tinatahak ng Tao" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang pinahalagahan ni Pedro ay ang tunay pagmamahal sa kanyang puso, at yaong praktikal at maaaring makamit. Hindi niya pinahalagahan

kung tumanggap man siya ng gantimpala, kundi kung ang kanyang disposisyon ay maaaring mabago. Ang pinahalagahan ni Pablo ay ang magsumikap pa nang husto, pinahalagahan niya ang panlabas na gawain at debosyon, at tungkol sa mga doktrinang hindi naranasan ng normal na mga tao. Hindi niya pinahalagahan ang mga pagbabago sa kanyang kaibuturan ni sa tunay na pagmamahal sa Diyos. Ang mga karanasan ni Pedro ay upang magkamit ng tunay na pagmamahal at totoong kaalaman tungkol sa Diyos. Ang kanyang mga karanasan ay upang higit siyang mapalapit sa Diyos, at magkaroon ng isang praktikal na pamumuhay. Ang gawain ni Pablo ay ginawa dahil doon sa ipinagkatiwala sa kanya ni Jesus, at upang matamo ang mga bagay na kanyang inasam, subalit walang kaugnayan ang mga ito sa kanyang kaalaman tungkol sa kanyang sarili at sa Diyos. Ang kanyang gawain ay para lamang matakasan ang pagkastigo at paghatol. Ang hinangad ni Pedro ay dalisay na pagmamahal, at ang hinangad naman ni Pablo ay ang korona ng katuwiran. Naranasan ni Pedro ang maraming taon ng gawain ng Banal na Espiritu, at nagkaroon ng isang praktikal na kaalaman tungkol kay Cristo, gayundin ang isang malalim na kaalaman tungkol sa kanyang sarili. Kaya nga, ang kanyang pagmamahal sa Diyos ay dalisay. Ang maraming taon ng pagpipino ay nagpayaman sa kanyang kaalaman tungkol kay Jesus at sa buhay, at ang kanyang pagmamahal ay isang pagmamahal na walang kundisyon, isa iyong pagmamahal na kusang-loob, at wala siyang hiniling na anuman bilang kapalit, ni hindi siya umasa sa anumang mga pakinabang. Gumawa si Pablo nang maraming taon, subalit hindi siya nagkaroon ng malaking kaalaman tungkol kay Cristo, at ang kanyang kaalaman tungkol sa kanyang sarili ay napakaliit. Wala talaga siyang pagmamahal kay Cristo, at ang kanyang gawain at ang daan na kanyang tinahak ay upang magkamit ng huling putong. Ang kanyang hinangad ay ang pinakamagandang korona, hindi ang pinakadalisay na pagmamahal. Hindi siya aktibong naghangad, kundi wala lamang siyang kibo; hindi niya ginampanan ang kanyang tungkulin, kundi napilitan sa kanyang pagsisikap matapos mahuli ng gawain ng Banal na Espiritu. Kaya nga, ang kanyang pagsisikap ay

hindi nagpapatunay na siya ay karapat-dapat na nilalang ng Diyos; si Pedro ang karapat-dapat na nilalang ng Diyos na gumanap ng kanyang tungkulin. Iniisip ng tao na lahat ng nag-aambag sa Diyos ay dapat tumanggap ng gantimpala, at na kapag mas malaki ang ambag, mas iniisip nila na dapat silang makatanggap ng paglingap ng Diyos. Ang diwa ng pananaw ng tao ay transaksyonal, at hindi siya aktibong naghahangad na gampanan ang kanyang tungkulin bilang isang nilalang ng Diyos. Para sa Diyos, kapag mas naghahangad ang mga tao na tunay na mahalin ang Diyos at lubos na sundin ang Diyos, na nangangahulugan din ng paghahangad na gampanan ang kanilang tungkulin bilang isang nilalang ng Diyos, lalo nilang nagagawang makamit ang pagsang-ayon ng Diyos. Ang pananaw ng Diyos ay upang hilingin na mabawi ng tao ang kanyang orihinal na tungkulin at katayuan. Ang tao ay isang nilalang ng Diyos, kaya nga hindi dapat magmalabis ang tao sa paghingi ng anuman sa Diyos, at wala na siyang dapat gawin maliban sa gampanan ang kanyang tungkulin bilang isang nilalang ng Diyos. Ang mga patutunguhan nina Pablo at Pedro ay nasukat ayon sa kung kaya nilang gampanan ang kanilang tungkulin bilang mga nilalang ng Diyos, at hindi ayon sa laki ng kanilang ambag; ang kanilang mga patutunguhan ay natutukoy ayon doon sa kanilang hinangad sa simula pa lamang, hindi ayon sa kung gaano kalaking gawain ang kanilang ginawa, o sa pagtantiya ng ibang mga tao sa kanila. Kaya nga, ang paghahangad na aktibong gampanan ang tungkulin ng isang tao bilang isang nilalang ng Diyos ang landas tungo sa tagumpay; ang paghahangad sa landas ng tunay na pagmamahal sa Diyos ang pinakatamang landas; ang paghahangad sa mga pagbabago sa dating disposisyon ng isang tao, at paghahangad ng dalisay na pagmamahal sa Diyos, ang landas tungo sa tagumpay. Ang landas na iyon tungo sa tagumpay ang landas ng pagbawi sa orihinal na tungkulin gayundin sa orihinal na anyo ng isang nilalang ng Diyos. Ito ang landas ng pagbawi, at ito rin ang layunin ng lahat ng gawain ng Diyos mula simula hanggang katapusan. Kung ang paghahangad ng tao ay nababahiran ng personal na maluluhong paghiling at hindi makatwirang mga pag-asam, ang epektong natatamo ay hindi ang mga pagbabago sa

disposisyon ng tao. Salungat ito sa gawain ng pagbawi. Walang duda na hindi ito ang gawaing ginawa ng Banal na Espiritu, kaya nga nagpapatunay ito na ang ganitong klaseng paghahangad ay hindi sinang-ayunan ng Diyos. Ano ang kabuluhan ng isang paghahangad na hindi sinang-ayunan ng Diyos?

Hinango mula sa “Ang Tagumpay o Kabiguan ay Depende sa Landas na Tinatahak ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Lahat ng hinangad ni Pedro ay kaayon ng puso ng Diyos. Hinangad niyang isakatuparan ang naisin ng Diyos, at kahit nagdusa at nahirapan, naging handa pa rin siyang tuparin ang naisin ng Diyos. Wala nang hihigit pang paghahangad ng isang mananampalataya ng Diyos. Ang hinangad ni Pablo ay may bahid ng kanyang sariling laman, ng kanyang sariling mga palagay, at ng kanyang sariling mga plano at pakana. Hindi siya karapat-dapat na nilalang ng Diyos sa anumang paraan, hindi siya isang taong naghangad na tuparin ang naisin ng Diyos. Hinangad ni Pedro na magpasakop sa mga pagsasaayos ng Diyos, at bagama’t ang gawaing kanyang ginawa ay hindi malaki, ang pangganyak sa likod ng kanyang pagsisikap at ang landas na kanyang tinahak ay tama; bagama’t hindi siya nakakuha ng maraming tao, nagawa niyang sundan ang daan ng katotohanan. Dahil dito masasabi na siya ay isang karapat-dapat na nilalang ng Diyos. Ngayon, kahit hindi ka isang manggagawa, dapat mong magawang gampanan ang tungkulin ng isang nilalang ng Diyos, at hangaring magpasakop sa lahat ng pagsasaayos ng Diyos. Dapat mong masunod ang anumang sinasabi ng Diyos, at maranasan ang lahat ng klase ng mga kapighatian at pagpipino, at bagama’t ikaw ay mahina, sa puso mo ay dapat mo pa ring magawang mahalin ang Diyos. Yaong mga nananagot para sa sarili nilang buhay ay handang gampanan ang tungkulin ng isang nilalang ng Diyos, at ang pananaw ng gayong mga tao tungkol sa paghahangad ang siyang tama. Sila ang mga taong kailangan ng Diyos. Kung marami kang ginawang gawain, at nakamit ng iba ang iyong mga turo, ngunit ikaw mismo ay hindi nagbago, at hindi nagbahagi ng anumang

patotoo, o nagkaroon ng anumang tunay na karanasan, sa gayo'y sa katapusan ng iyong buhay, wala pa rin sa iyong mga nagawa ang nagpapatotoo, nagbago ka na nga ba? Isa ka bang taong naghahangad na matamo ang katotohanan? Sa pahanong iyon, kinasangkapan ka ng Banal na Espiritu, ngunit nang kasangkapanin ka Niya, ginamit Niya ang bahagi mo na maaaring gamitin para gumawa, at hindi Niya ginamit ang bahagi mo na hindi magagamit. Kung hinangad mong magbago, unti-unti kang magagawang perpekto habang kinakasangkapan ka. Subalit walang tinatanggap na responsibilidad ang Banal na Espiritu kung makakamit ka o hindi sa huli, at depende ito sa pamamaraan ng iyong paghahangad. Kung walang mga pagbabago sa iyong personal na disposisyon, iyan ay dahil mali ang iyong pananaw tungo sa paghahangad. Kung hindi ka gantimpalaan, sarili mo nang problema iyon, at dahil hindi mo mismo naisagawa ang katotohanan at hindi mo matupad ang naisin ng Diyos. Kaya nga, wala nang mas mahalaga pa kaysa sa personal mong mga karanasan, at walang mas mahalaga kaysa sa personal mong pagpasok! Sa huli ay sasabihin ng ilang tao, "Napakarami kong nagawang gawain para sa Iyo, at bagama't maaaring wala akong nagawang naging tanyag, naging masigasig pa rin ako sa aking mga pagsisikap. Hindi Mo ba ako maaaring papasukin na lamang sa langit para kainin ang bunga ng buhay?" Kailangan mong malaman kung anong uri ng mga tao ang Aking nais; yaong mga hindi dalisay ay hindi pinapayagang makapasok sa kaharian, yaong mga hindi dalisay ay hindi pinahihintulutang dungisan ang banal na lupain. Bagama't maaaring marami kang nagawang gawain, at gumawa ka sa loob ng maraming taon, sa huli kung kalunus-lunos pa rin ang iyong karumihan, hindi katanggap-tanggap sa batas ng Langit na nais mong pumasok sa Aking kaharian! Mula sa pundasyon ng mundo hanggang ngayon, hindi Ako kailanman nakapag-alok ng madaling daan patungo sa Aking kaharian para sa mga humihingi ng pabor sa Akin. Ito ay isang panuntunan sa langit, at walang sinumang makasusuway rito! Kailangan mong hangarin ang buhay. Ngayon, yaong mga gagawing perpekto ay kauri ni Pedro: Sila yaong mga naghahangad ng mga pagbabago sa

kanilang sariling disposisyon, at handang magpatotoo sa Diyos at gampanan ang kanilang tungkulin bilang nilalang ng Diyos. Ang ganitong mga tao lamang ang gagawing perpekto. Kung umaasa ka lang sa mga gantimpala, at hindi mo hinahangad na baguhin ang iyong sariling disposisyon sa buhay, lahat ng iyong pagsisikap ay mawawalan ng saysay—at ito ay isang katotohanang hindi mababago!

Hinango mula sa “Ang Tagumpay o Kabiguan ay Depende sa Landas na Tinatahak ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa hinaharap, ang mga taong makaliligtas sa isang kalagayan ng pamamahinga ay napagtiisan na ang lahat ng araw ng pagdurusa at nakapagpatotoo na rin para sa Diyos; lahat sila ay magiging mga tao na tinupad na ang kanilang mga tungkulin at kusa nang nagpasakop sa Diyos. Yaong mga nais lamang gamitin ang pagkakataon na gawin ang paglilingkod na kasama ang balak na iwasan ang pagsasagawa ng katotohanan ay hindi pahihintulutang manatili. May mga naaangkop na pamantayan ang Diyos para sa pag-aayos ng mga kalalabasan ng bawat tao; hindi Siya basta gumagawa ng mga kapasiyahang ito ayon sa mga salita at asal ng isang tao, o gumagawa Siya ng mga ito batay sa kung paano kumikilos ang isang tao sa isang tagal ng panahon. Lubos na hindi siya magiging maluwag hinggil sa buktot na asal ng isang tao dahil sa nakaraang paglilingkod nito sa Kanya, o hindi rin Niya ililigtas ang isang tao mula sa kamatayan dahil sa minsanang gugulin para sa Diyos. Walang sinuman ang makaiiwas sa paghihiganti para sa kanilang kabuktutan, at walang sinuman ang mapagtatakpan ang kanilang masamang pag-uugali at sa gayon ay makaiiwas sa mga paghihirap ng pagkawasak. Kung totoong matutupad ng mga tao ang sarili nilang tungkulin, nangangahulugan ito na walang hanggang matapat sila sa Diyos at hindi hinahangad ang mga pabuya, tumatanggap man sila ng mga biyaya o nagdurusa sa kasawian. Kung matapat sa Diyos ang mga tao kapag nakikita nila ang mga biyaya, ngunit nawawala ang kanilang katapatan kapag hindi nila nakikita ang anumang mga biyaya, at kung, sa huli, ay

hindi pa rin nila nagagawang magpatotoo para sa Diyos o tuparin ang mga tungkuling kasalukuyang hawak nila, magiging mga pakay pa rin sila ng pagkawasak kahit pa dati na silang nakapagbigay ng matapat na paglilingkod sa Diyos. Sa madaling salita, hindi maaaring makaligtas hanggang sa kawalang-hanggan ang mga taong buktot, o makapapasok sa pamamahinga; tanging ang mga matuwid ang mga panginoon ng pamamahinga. Sa sandaling nasa tamang landas ang sangkatauhan, ang mga tao ay magkakaroon ng normal na buhay ng tao. Gagawin nilang lahat ang kani-kaniyang mga tungkulin at magiging ganap na matapat sa Diyos. Lubos nilang lalagasin ang kanilang pagsuway at ang kanilang mga tiwaling disposisyon, at mabubuhay sila para sa Diyos at dahil sa Diyos, nang walang pagsuway at paglaban. Magagawa nilang lahat na ganap na magpasakop sa Diyos. Ito ang magiging buhay ng Diyos at ng sangkatauhan; ito ang magiging buhay ng kaharian, at magiging isang buhay ito ng pamamahinga.

Hinango mula sa “Papasok sa Pahinga ang Diyos at ang Tao Nang Magkasama” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

107. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa Pagitan ng Pagsasagawa ng Katotohanan at Mabuting Asal

(1) Tukuyin kung batay sa mga salita ng Diyos ang pagsasagawa o ginawa ayon sa kaliwanagan at pagpapalinaw ng Banal na Espiritu, o kung isa itong pagkilos na nagtitiwala sa mga damdamin, kagustuhan, haka-haka, o mga pag-iisip ng tao, o sa kanyang karanasan;

(2) Tukuyin kung kumikilos ang tao batay sa mga katotohanang kanilang naunawaan, alinsunod sa mga prinsipyo, o kung sumusunod sila sa mga patakaran, sumusunod ng walang anumang damdamin, nakatutok sa mga panlabas na bagay, at namumuhay sa gitna ng mga haka-haka at mga pag-iisip;

(3) Tukuyin kung tunay na nagpapasakop ang tao sa Diyos sa kanilang pagsasagawa ng katotohanan, o kung nagiging sanhi sila ng kaguluhan dahil lamang sa walang kabuluhang mga bagay at binibigyan ng

maling palagay ang iba, sa pamamagitan nito ay nililinlang ang mga ito at tinatangkang dayain ang Diyos;

(4) Kapag ginagampanan ng tao ang kanilang tungkulin, tukuyin kung ginugugol nila ang kanilang mga sarili para sa Diyos nang may tunay na puso, dumarating upang magpatotoo para sa Kanya, o kung pabaya at walang pagkainteres ang kanilang gawain, sumusunod ng walang anumang damdamin, at kung gumagawa lamang sila gamit ang pagkukubli at pandaraya na may layuning makipagtawaran sa Diyos.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Dapat mong maunawaan ang salita ng Diyos at isagawa ito nang naaayon. Maging maprinsipyo sa lahat ng iyong kilos at gawa, bagama't hindi ito nangangahulugan na sumunod sa mga patakaran o gumawa ng isang bagay nang labag sa kalooban bilang isa lamang palabas; bagkus, ito ay nangangahulugan na isagawa ang katotohanan at mamuhay ayon sa salita ng Diyos. Tanging ang pagsasagawa na tulad nito ang nakalulugod sa Diyos. Ang anumang pagkilos na nakalulugod sa Diyos ay hindi isang patakaran, kundi isang pagsasagawa ng katotohanan. May pagkahilig ang ilang tao sa pag-akit ng pansin sa kanilang mga sarili. Sa piling ng kanilang mga kapatid, maaari nilang sabihin na may utang na loob sila sa Diyos, ngunit kapag nakatalikod sila, hindi nila isinasagawa ang katotohanan at ganap na iba ang kanilang ikinikilos. Hindi ba sila mga relihiyosong Fariseo? Ang isang taong tunay na nagmamahal sa Diyos at nagtataglay ng katotohanan ay taong matapat sa Diyos ngunit hindi ito ipinagpapasikat. Ang ganitong tao ay nakahandang isagawa ang katotohanan kapag kinakailangan ng sitwasyon at hindi nagsasalita o kumikilos sa paraang labag sa kanyang konsensya. Nagpapakita siya ng karunungan kapag kinakailangan ng mga bagay-bagay at may prinsipyo siya sa kanyang mga gawa anuman ang kalagayan. Ang taong tulad nito ay kayang tunay na maglingkod. May ilan namang madalas na hanggang salita lamang pagdating sa pagkakautang nila sa Diyos; ginugugol nila ang kanilang mga araw na nakakunot ang noo sa pag-aalala, na nagbabalatkayo, at nagkukunwaring kahabag-habag. Talagang kasuklam-suklam! Kung

tatanungin mo sila, “Maaari bang sabihin mo sa akin kung paano ka may utang na loob sa Diyos?” wala silang maisasagot. Kung ikaw ay matapat sa Diyos, huwag mong ipagsabi iyon; bagkus, gamitin mo ang aktwal na pagsasagawa upang ipakita ang iyong pagmamahal sa Diyos, at manalangin ka sa Kanya nang may tapat na puso. Mga mapagpaimbabaw ang lahat ng gumagamit lamang ng salita upang pakitunguhan ang Diyos at gumagawa para lang masabing may nagawa! Ang ilan ay nagsasalita tungkol sa pagkakautang sa Diyos sa bawat panalangin, at nagsisimulang umiyak kapag nananalangin sila, kahit na walang pag-antig ng Banal na Espiritu. Namamayani sa mga taong tulad nito ang mga pangrelihiyong ritwal at palagay; namumuhay sila ayon sa mga naturang ritwal at palagay, laging naniniwala na ang mga naturang kilos ay kalugud-lugod sa Diyos, at ang paimbabaw na kabanalan o malulungkot na pagluha ay sinasang-ayunan ng Diyos. Anong kabutihan ang maidudulot ng mga kakatwang taong ito? Upang ipakita ang kanilang pagpapakumbaba, pakunwaring nagpapakita ng kagandahang-loob ang ilan kapag nagsasalita sila sa presensya ng iba. Ang ilan ay sinasadyang maging mapaglingkod sa presensya ng iba, kumikilos na gaya ng isang tupa na walang kahit anong lakas. Naaangkop ba ang ganitong asal sa mga tao ng kaharian? Ang mga tao ng kaharian ay dapat na buhay na buhay at malaya, walang-sala at bukas ang kalooban, tapat at kaibig-ibig, at namumuhay sa kalagayan ng kalayaan. Dapat ay mayroon silang integridad at dignidad, at kaya nilang tumayong saksi saan man sila magpunta; kinalulugdan kapwa ng Diyos at ng tao ang mga ganitong tao. Ang mga baguhan sa pananampalataya ay may napakaraming panlabas na gawi; kailangan muna nilang sumailalim sa isang panahon ng pakikitungo at pagbasag. Ang mga may pananalig sa Diyos sa kanilang mga puso ay hindi kakaiba sa iba sa panlabas, ngunit ang kanilang mga kilos at gawa ay kapuri-puri. Ang mga ganitong tao lamang ang maituturing na nagsasabuhay sa salita ng Diyos. Kung araw-araw kang nangangaral ng ebanghelyo sa iba’t ibang tao sa pagsisikap na madala sila sa kaligtasan, ngunit sa katapusan ay namumuhay ka pa rin sa mga patakaran at doktrina, hindi mo mabibigyan ng luwalhati ang Diyos

kung gayon. Ang mga naturang tao ay mga relihiyosong tao, at mga mapagpaimbabaw rin.

Hinango mula sa “Sa Pananampalataya, Kailangang Magtuon ang Isang Tao sa Realidad—Ang Pagsali sa mga Pangrelihiyong Ritwal ay Hindi Pananampalataya” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Naglalagay ang karamihan ng mga tao ng natatanging diin sa paggawi sa kanilang paniniwala sa Diyos, na ang nagiging resulta ay ang pagkakaroon ng ilang pagbabago sa kanilang pag-uugali. Pagkaraan nilang magsimulang maniwala sa Diyos, tumitigil sila sa pakikipaglaban sa iba, panlalait at pakikipag-away sa mga tao, paninigarilyo at pag-inom, at pagnanakaw ng anumang pag-aaring publiko—isang pako man ito o isang tabla ng kahoy—at umaabot pa nga sila sa hindi pagdulog sa hukuman kapag sila ay dumaranas ng pagkalugi o ginagawan ng mali. Walang duda, sadya silang sumasailalim sa ilang mga pagbabago sa pag-uugali. Sapagkat, sa sandaling maniwala sila sa Diyos, ang pagtanggap sa tunay na daan ay sadyang nakapagdudulot sa kanila ng mabuting pakiramdam, at dahil natikman na rin nila ngayon ang biyaya ng gawain ng Banal na Espiritu, sila ay talagang taimtim, at walang kahit anuman ang hindi nila makakayang talikuran o pagdusahan. Gayunman, pagkaraang makapaniwala sa loob ng tatlo, lima, sampu, o tatlumpung taon, sapagkat walang naging pagbabago sa kanilang mga disposisyon sa buhay, nauwi sila sa pagbabalik sa dating mga gawi; lalong lumilitaw ang kanilang kayabangan at kapalaluan, nagsisimula silang makipagpaligsahan para sa kapangyarihan at pakinabang, pinag-iimbutan nila ang salapi ng iglesia, ginagawa nila ang anumang bagay na nagsisilbi sa kanilang sariling kapakinabangan, naghahangad sila ng katayuan at mga kaaliwan, at nagiging palaasa sila sa tahanan ng Diyos. Lalo na, tinatalikdan ng mga tao ang karamihan sa mga yaong nagsisilbi bilang mga pinuno. At ano ang pinatutunayan ng mga katotohanang ito? Ang mga pagbabago lang sa ugali ay hindi napapanatili; kung walang pagbabago sa mga disposisyon sa buhay ng mga tao, sa malaon at madali ay magpapakita ang kanilang

mapanirang bahagi. Sapagkat sigasig ang pinagmumulan ng mga pagbabago sa kanilang gawi, kakambal ng ilang gawain ng Banal na Espiritu sa panahong iyon, napakadali para sa kanila na maging maalab o magpakita ng pansamantalang kabaitan. Katulad ng sinasabi ng mga hindi naniniwala, “Madali ang paggawa ng isang mabuting gawa, ang mahirap ay ang habambuhay na paggawa ng mabubuting gawa.” Walang kakayahan ang mga tao na gumawa ng mabubuting gawa nang buong buhay nila. Ang pag-uugali ng isang tao ay pinangangasiwaan ng buhay; anuman ang kanyang buhay, gayundin ang kanyang ugali, at yaon lamang likas na naihahayag ang kumakatawan sa buhay, gayundin sa kalikasan ng isang tao. Hindi magtatagal ang mga bagay na huwad. Kapag gumagawa ang Diyos upang iligtas ang tao, hindi ito upang palamutian ang tao ng mabuting gawi—ang layunin ng gawain ng Diyos ay ang baguhin ang anyo ng mga disposisyon ng mga tao, upang sila ay muling isilang na bagong mga tao. Kaya naman, ang paghatol ng Diyos, pagkastigo, mga pagsubok, at pagpipino ng tao ay pawang nagsisilbi upang baguhin ang kanyang disposisyon, upang matamo niya ang ganap na pagpapasakop at debosyon sa Diyos, at magawang normal na sambahin Siya. Ito ang layunin ng gawain ng Diyos. Ang pagpapakabait ay hindi katulad ng pagpapasakop sa Diyos, lalong hindi ito katumbas ng pagiging kaayon kay Cristo. Ang mga pagbabago sa ugali ay batay sa doktrina at bunga ng sigasig; hindi batay ang mga ito sa tunay na kaalaman sa Diyos o sa katotohanan, lalong hindi batay sa paggabay ng Banal na Espiritu. Bagama’t may mga pagkakataon na ang ilan sa ginagawa ng mga tao ay pinapatnubayan ng Banal na Espiritu, hindi ito isang pagpapahayag ng buhay, lalong hindi ito katulad ng pagkakilala sa Diyos; gaano man kabuti ang ugali ng isang tao, hindi nito pinatutunayan na nagpasakop na siya sa Diyos o na isinasagawa niya ang katotohanan. Ang mga pagbabago sa pag-uugali ay panandaliang ilusyon lamang, pagpapakita lamang ang mga ito ng sigasig. Hindi maibibilang na pagpapahayag ng buhay ang mga ito.

Hinango mula sa “Ang Pagkakaiba sa Pagitan ng Panlabas na mga Pagbabago at mga Pagbabago sa Disposisyon” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kahit na ang isang tao ay marami nang nagawang mabubuting bagay simula nang siya ay maniwala sa Diyos, maraming bagay pa rin ang maaaring hindi malinaw sa kanila, at lalong maliit ang pagkakataong magkaroon sila ng pagkaunawa sa katotohanan—subalit, dahil sa kanilang madaming mabubuting ginagawa, nararamdaman nilang namumuhay na sila sa salita ng Diyos, at nagpapasakop na sa Kanya, at tunay nang nabigyang-lugod ang Kanyang kalooban. Ito ay sa kadahilanang kung wala kang nakitang mahirap na pangyayari, gagawin mo kung ano ang sinabi sa iyo; wala kang pag-aalinlangang gawin ang kahit na anong tungkulin, at hindi ka manlalaban. Kapag sinabihan kang ipangalat ang ebanghelyo, ito ay isang paghihirap na kaya mong tiisin, at hindi ka aangal, at kapag sinabihan kang tumakbo dito at doon, o gumawa ng mabigat na trabaho, gagawin mo ito. Dahil sa mga ipinapakita mong ito, nararamdaman mo na ikaw ay isang taong nagpapasakop sa Diyos at isang taong tunay na naghahangad ng katotohanan. Subalit kung may isang magsusuri sa iyo nang mas malalim at magtanong, “Ikaw ba ay isang matapat na tao? Ikaw ba ay tunay na nagpapasakop sa Diyos? Isang taong may binagong disposisyon?” pagkatapos matanong nang ganito, pagkatapos kang maikumpara sa katotohanan upang masuri, ikaw—at masasabihing kahit na sino—ay mapapatunayang may kakulangan, at walang kahit na sinong tao ang lubhang nakakagawa ayon sa katotohan. Samakatuwid, kapag ang ugat ng lahat ng mga kilos at gawa ng tao, gayundin ang diwa at likas ng kanyang mga kilos, ay ikinumpara sa katotohanan, lahat ay isusumpa. Ano ang dahilan nito? Ito ay dahil hindi kilala ng tao ang kanyang sarili; lagi siyang naniniwala sa Diyos sa sarili niyang pamamaraan, ginagampananan ang kanyang tungkulin sa sarili niyang pamamaraan, at naglilingkod sa Diyos sa sarili niyang pamamaraan. Higit pa rito, nararamdaman niyang puno siya ng pananampalataya at katuwiran, at, sa bandang huli, nararamdaman niyang marami na siyang nakamit. Lingid sa kanyang kaalaman, nararamdaman niya na kumikilos siya nang alinsunod sa kalooban ng Diyos at ganap na niya itong natugunan, at nagawa na niya ang lahat ng hinihingi ng Diyos at sumusunod na siya sa kalooban Niya.

Kung ganito ang nararamdaman mo, o kung, sa ilang taon ng paniniwala mo sa Diyos, nararamdaman mong may inani ka nang kaunting pakinabang, mas lalong dapat kang bumalik sa harap ng Diyos at magmuni-muni tungkol sa iyong sarili. Dapat mong tingnan ang landas na tinahak mo sa mga panahong nananampalataya ka at tingnan kung ang lahat ng iyong mga kilos at pag-uugali sa harap ng Diyos ay ganap na sumusunod sa nilalaman ng Kanyang puso, ang mga ginagawa mo na laban sa Diyos, ang mga ginagawa mo na kayang magbigay-kasiyahan sa Diyos, at kung ang ginagawa mo ay tumutugon sa mga hinihingi ng Diyos at ganap na alinsunod sa Kanyang kalooban—dapat na malinaw ang mga bagay na ito sa iyo.

Hinango mula sa “Makikilala Mo ang Iyong Sarili sa Pamamagitan Lamang ng Pagkilala sa Iyong mga Maling Pananaw” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

May mga taong naniniwala na masyado silang mabait. Hindi nila kinamumuhian o sinasaktan ang iba kahit kailan, at lagi silang tumutulong sa isang kapatid na ang pamilya ay nangangailangan, baka hindi nalulutas ang kanilang problema; napakabuti ng kanilang kalooban, at ginagawa nila ang lahat ng kaya nila upang tulungan ang lahat ng kaya nilang tulungan. Ano ang resulta ng gayong pagkamatulungin? Kinalilimutan nila ang kanilang sariling pangangailangan, subalit lubhang nasisiyahan sila sa kanilang sarili, at lubos silang nasisiyahan sa nagawa nila. Bukod pa roon, ipinagmamalaki nila iyon nang husto, sa paniniwala na lahat ng nagawa nila ay tiyak na sapat upang palugurin ang kalooban ng Diyos, at na sila ay tunay na mga mananampalataya sa Diyos. Itinuturing nila ang kanilang likas na kabaitan bilang isang bagay na magagawang puhunan, at, kapag itinuring nila iyon nang gayon, hindi maiiwasan na ituring nila iyon bilang katotohanan. Ang totoo, puro kabutihan sa tao ang ginagawa nila. Ni hindi pa nila nahangad kahit kaunti ang katotohanan, at lahat ng kilos nila ay walang kabuluhan, sapagkat ginagawa nila ang mga iyon sa harap ng tao, at hindi sa harap ng Diyos, at lalong hindi sila nagsasagawa ayon sa mga kinakailangan ng Diyos at ng katotohanan. Wala sa mga bagay na

ginagawa nila ang pagsasagawa ng katotohanan, at walang isa man ang pagsasagawa ng mga salita ng Diyos, lalo nang hindi nila sinusunod ang Kanyang kalooban; sa halip, gumagamit sila ng kabaitan ng tao at mabuting pag-uugali upang tulungan ang iba. Bilang pagbubuod, hindi nila hinahangad ang kalooban ng Diyos sa kanilang ginagawa, ni hindi sila kumikilos alinsunod sa Kanyang mga kinakailangan. Samakatuwid, mula sa pananaw ng Diyos, ang mabuting pag-uugali ng tao ay kinokondena, at hindi nararapat sa Kanyang alaala.

Hinango mula sa “Makikilala Mo ang Iyong Sarili sa Pamamagitan Lamang ng Pagkilala sa Iyong mga Maling Pananaw” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ano ang kinakatawan ng panlabas na mabubuting gawa ng mga tao? Kinakatawan ng mga ito ang laman, at kahit na ang pinakamagagandang panlabas na gawi ay hindi kumakatawan sa buhay; tanging ang iyong sariling indibidwal na pag-uugali ang maipapakita ng mga ito. Hindi kayang tuparin ng mga panlabas na gawi ng tao ang nais ng Diyos. Lagi mong binabanggit ang iyong pagkakautang sa Diyos, ngunit hindi mo kayang tustusan ang buhay ng iba o pukawin sila na mahalin ang Diyos. Naniniwala ka bang ikalulugod ng Diyos ang mga naturang kilos mo? Naniniwala kang nakaayon sa kalooban ng Diyos ang iyong mga kilos, na ang mga ito ay sa espiritu, ngunit ang totoo ay pawang kabaliwan ang mga ito! Naniniwala ka na kung ano ang kasiya-siya sa iyo at kung ano ang nais mong gawin ay iyon ngang mga bagay na nakalulugod sa Diyos. Kaya bang katawanin ng mga kagustuhan mo ang Diyos? Kaya bang katawanin ng karakter ng isang tao ang Diyos? Ang kasiya-siya sa iyo ay iyon ngang kinasusuklaman ng Diyos, at ang iyong mga gawi ay siyang pinandidirihan at inaayawan ng Diyos. Kung pakiramdam mo ay may utang na loob ka, kung gayon ay manalangin ka sa Diyos. Hindi mo kailangang banggitin ito sa iba. Kung hindi ka nananalangin sa Diyos at sa halip ay laging umaakit ng pansin sa iyong sarili sa presensya ng iba, kaya ba nitong bigyang-kaluguran ang kalooban ng Diyos? Kung laging panlabas lamang ang iyong mga kilos, nangangahulugan ito na ikaw ay sukdulan sa

pagkahambog. Anong uri ng mga tao silang pakitang-tao lamang ang paggawa ng mabuti at salat sa realidad? Ang mga naturang tao ay mga mapagpaimbabaw na Fariseo at mga relihiyosong tao! Kung hindi ninyo iwawaksi ang inyong mga panlabas na gawi at hindi ninyo kayang gumawa ng mga pagbabago, lalong lalago sa inyo ang mga elemento ng pagpapaimbabaw. Habang mas higit ang mga elemento ng pagpapaimbabaw sa inyo, mas higit ang pagsalungat sa Diyos. Sa katapusan, ang mga naturang tao ay siguradong aalisin!

Hinango mula sa "Sa Pananampalataya, Kailangang Magtuon ang Isang Tao sa Realidad—Ang Pagsali sa mga Pangrelihiyong Ritwal ay Hindi Pananampalataya" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Maaaring sa lahat ng taon ng pagsampalataya mo sa Diyos, hindi ka pa nakasumpa ng sinuman o nakagawa ng masama kailanman, subalit sa pakikisama mo kay Cristo, hindi mo kayang magsabi ng katotohanan, kumilos nang tapat, o sumunod sa salita ni Cristo; kung gayon, sinasabi Ko na ikaw ang pinakamasama at walang-budhing tao sa mundo. Maaaring napakabait mo at tapat ka sa iyong mga kamag-anak, kaibigan, asawa, anak, at magulang, at hindi ka nagsasamantala sa iba kailanman, ngunit kung hindi mo kayang umayon kay Cristo, kung hindi mo magawang makihalubilo sa Kanya nang maayos, kahit gugulin mo pa ang iyong lahat-lahat sa pagtulong sa iyong mga kapitbahay o sa masusing pag-aalaga sa iyong ama, ina, at mga miyembro ng inyong sambahayan, sasabihin Ko na masama ka pa rin, at bukod dito ay puno ka ng mga tusong panlilinlang. Huwag mong isiping nakaayon ka kay Cristo dahil lamang sa kasundo mo ang iba at gumagawa ka ng ilang mabubuting gawa. Akala mo ba makukuha mo nang may pandaraya ang pagpapala ng Langit dahil sa iyong mapagkawanggawang hangarin? Akala mo ba ang paggawa ng ilang mabubuting gawa ay kapalit ng iyong pagsunod? Walang isa man sa inyo ang nagagawang tumanggap ng pagkikitungo at pagtatabas, at nahihirapan kayong lahat na tanggapin ang normal na pagkatao ni Cristo, sa kabila ng patuloy ninyong pagbabanda ng inyong pagsunod sa Diyos.

Ang pananampalatayang tulad ng sa inyo ay magbababa ng isang angkop na ganti.

Hinango mula sa “Yaong mga Hindi Kaayon ni Cristo ay Tiyak na mga Kalaban ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Nagagawa ng ilang tao na magtiis ng mga paghihirap, magsakripisyo, magpakita ng mabuting asal, maging medyo kagalang-galang, at magalak sa paghanga ng iba. Masasabi ba ninyo na maituturing na pagsasagawa ng katotohanan ang ganitong klase ng ipinapakitang pag-uugali? Matutukoy kaya ng isang tao na napapalugod ng gayong mga tao ang kalooban ng Diyos? Bakit paulit-ulit na nakakakita ang mga tao ng gayong mga indibiduwal at iniisip nila na napapalugod nila ang Diyos, na tumatahak sila sa landas ng pagsasagawa ng katotohanan, at sinusundan ang daan ng Diyos? Bakit ganito ang iniisip ng ilang tao? Isa lamang ang paliwanag para dito. Ano ang paliwanag na iyon? Na para sa napakaraming tao, ang ilang katanungan—tulad ng ano ang ibig sabihin ng isagawa ang katotohanan, ano ang ibig sabihin ng palugurin ang Diyos, at ano ang ibig sabihin ng tunay na taglayin ang katotohanang realidad—ay hindi gaanong malinaw. Sa gayon, may ilang tao na madalas malinlang ng mga tao na sa tingin ay mukhang espirituwal, marangal, matayog, at dakila. Tungkol naman sa mga taong mahusay magsalita tungkol sa mga titik at doktrina, at ang pananalita at mga kilos ay tila karapat-dapat sa paghanga, yaong mga nalilinlang ng mga ito ay hindi natingnan kailanman ang diwa ng kanilang mga kilos, ang mga prinsipyo sa likod ng kanilang mga gawa, o kung ano ang kanilang mga layunin. Bukod pa riyan, hindi nila natingnan kailanman kung tunay na nagpapasakop sa Diyos ang mga taong ito, ni hindi nila natukoy kailanman kung tunay na may takot sa Diyos ang mga taong ito o wala at umiiwas sila sa kasamaan o hindi. Hindi nila nahiwatigan kailanman ang diwa ng pagkatao ng mga taong ito. Sa halip, simula sa unang hakbang ng pagkilala sa kanila, unti-unti, natutuhan na nilang hangaan at igalang ang mga taong ito, at sa huli, naging mga idolo nila ang mga taong ito. Bukod pa riyan, sa isipan ng ilang tao, ang mga

idolong sinasamba nila—at pinaniniwalaan nila na kayang iwan ang kanilang pamilya at trabaho, at tila paimbabaw na nagagawang magsakripisyo—ang mga tunay na nagpapalugod sa Diyos at talagang magtatamo ng magandang kahihinatnan at hantungan. Sa kanilang isipan, ang mga idolong ito ang mga taong pinupuri ng Diyos. Ano ang nagiging dahilan para maniwala sila sa gayong bagay? Ano ang diwa ng isyung ito? Ano ang mga bungang kahahantungan nito? Talakayin muna natin ang diwa nito.

Ang mahalaga, ang mga isyung ito tungkol sa mga pananaw ng mga tao, ang kanilang mga pamamaraan ng pagsasagawa, aling mga prinsipyo ng pagsasagawa ang pinipili nilang gamitin, at ano ang gusto nilang pagtuunan ay walang kinalaman sa mga hinihingi ng Diyos sa sangkatauhan. Nakatutok man ang mga tao sa mababababaw o malalalim na bagay, o sa mga titik at doktrina o realidad, hindi sila sumusunod doon sa pinaka-nararapat nilang sundin, ni hindi nila alam yaong bagay na pinaka-nararapat nilang malaman. Ito ay dahil sa ni ayaw man lamang ng mga tao sa katotohanan; sa gayon, ayaw nilang gumugol ng panahon at pagsisikap sa paghahanap at pagsasagawa ng mga prinsipyo ng pagsasagawa na matatagpuan sa mga pagbigkas ng Diyos. Sa halip, mas gusto nilang gumamit ng mas madaling paraan, na ibinubuod ang nauunawaan at nalalaman nilang mahusay na pagsasagawa at mabuting pag-uugali; ang buod na ito kung gayon ang nagiging sarili nilang layuning pagsisikapang matupad, na itinuturing nilang katotohanang isasagawa. Ang tuwirang resulta nito ay na gumagamit ang mga tao ng mabuting pag-uugali bilang kapalit ng pagsasagawa ng katotohanan, na tumutupad din sa hangarin nilang makahingi ng pabor sa Diyos. Binibigyan sila nito ng puhunang magagamit para labanan ang katotohanan, na ginagamit din nila para mangatwiran at makipaglaban sa Diyos. Kasabay nito, walang-takot na isinasantabi rin ng mga tao ang Diyos, at ipinapalit ang mga idolong hinahangaan nila sa puso nila. Iisa lamang ang ugat na dahilan kaya nagiging gayon kamangmang ang mga kilos at pananaw ng mga tao, o isang panig lamang ang mga opinyon at gawi nila—at ngayon ay sasabihin

Ko sa inyo ang tungkol dito: Ang dahilan nito ay na, bagama't maaaring sinusunod ng mga tao ang Diyos, nagdarasal sila sa Kanya araw-araw, at binabasa nila ang Kanyang mga pagbigkas araw-araw, hindi nila talaga nauunawaan ang kalooban ng Diyos. Narito ang ugat ng problema. Kung may nakaunawa sa puso ng Diyos, at nakaalam kung ano ang gusto Niya, ano ang kinasusuklaman Niya, ano ang nais Niya, ano ang inaayawan Niya, anong klaseng tao ang minamahal Niya, anong klaseng tao ang inaayawan Niya, anong klaseng pamantayan ang ginagamit Niya kapag may hinihiling Siya sa mga tao, at anong klaseng pamamaraan ang ginagamit Niya para gawin silang perpekto, maaari pa rin kayang magkaroon ang taong iyon ng sarili nilang mga opinyon? Maaari kayang basta humayo ang mga tao at sambahin nila ang ibang tao? Maaari kayang maging idolo nila ang isang ordinaryong tao? Ang mga taong nakauunawa sa kalooban ng Diyos ay magtataglay ng kaunti pang makatwirang pananaw kaysa riyan. Hindi nila basta sasambahin ang isang taong natiwali, ni hindi sila maniniwala, habang tumatahak sa landas ng pagsasagawa ng katotohanan, na ang pikit-matang pagsunod sa isang simpleng panuntunan o mga prinsipyo ay katumbas ng pagsasagawa ng katotohanan.

Hinango mula sa "Paano Malalaman ang Disposisyon ng Diyos at ang mga Resultang Makakamtan ng Kanyang Gawain" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

May ilang mga tao ang nagsasabi: "Pakiramdam ko nakakayanan kong isagawa ang ilang katotohanan ngayon, hindi naman sa hindi ko naisasagawa ang anumang katotohanan. Sa ilang mga kapaligiran, nakakagawa ako ng mga bagay alinsunod sa katotohanan, na nangangahulugang ako ay naibibilang na isang tao na nagsasagawa ng katotohanan, at ako ay naibibilang na isang tao na nagtataglay ng katotohanan." Sa totoo lang, kasalungat ng mga katayuan sa nakaraan, o kasalungat noong ikaw ay unang naniwala sa Diyos, mayroong kaunting pagbabago. Sa nakaraan, wala kang naunawaang anuman, at hindi mo alam kung ano ang katotohanan o kung ano ang tiwaling disposisyon.

Ngayon alam mo ang ilang mga bagay at ikaw ay nagkakaroon ng ilang mabubuting mga pagsasagawa, subali't ito ay maliit na bahagi lamang ng pagbabago; ito ay hindi tunay na isang pagbabago ng iyong disposisyon, sapagka't hindi mo kayang isakatuparan ang nauuna at malalim na mga katotohanan na kinapapalooban ng iyong kalikasan. Kasalungat sa iyong nakaraan, talagang mayroon kang kaunting pagbabago, nguni't ang pagbabagong ito ay isang maliit na pagbabago lamang ng iyong pagkatao; kapag inihambing sa pinakamataas na estado ng katotohanan, ikaw ay malayo sa pamantayan. Ibig sabihin nito ay hindi mo natutumbok ang pamantayan kapag isinasagawa ang katotohanan.

Kung minsan may mga tao na nasa ganitong uri ng mga sitwasyon na hindi alam kung ano ang nangyayari: hindi ako negatibo at mayroong kasigasigan, subali't kapag dumarating sa pagsasagawa ng katotohanan at pag-unawa sa katotohanan, nararamdaman ko na walang daan para sa akin at na ako ay walang anumang interes sa aspetong ito. Paanong nangyayari ito? Kung minsan hindi mo nakikita ang sitwasyong ito nang napakalinaw at napipilitang kumilos nang mababaw na ginagawa ito at iyan, datapwa't ang iyong aktwal na mga kahirapan ay nananatiling hindi nalulutas. Nararamdaman mo: Nagawa ko ito at naging tapat; bakit hindi ko pa rin nararamdamang totoong panatag? Ito ay sapagka't ang iyong pag-uugali at mga kilos ay nakabatay sa iyong mabubuting mga intensyon; ang mga yaon ay ginagawa nang may pansariling kasigasigan, nguni't hindi mo hinanap ang kalooban ng Diyos at hindi ka nakagawa ng mga bagay alinsunod sa mga kinakailangan ng katotohanan. Ikaw ay malayo nang ganito kalaki, na palaging nagbubunga sa iyo ng pakiramdam na malayo mula sa mga kinakailangan ng Diyos at na hindi ka nakakasiguro at walang-malay na nagiging negatibo. Ang pansariling mga pagnanais at pansariling kasigasigan ay ibang-iba kaysa sa mga kinakailangan ng katotohanan; sila ay iba patungkol sa kanilang kalikasan. Ang panlabas na mga kilos ng mga tao ay hindi maaaring pumalit sa katotohanan, at ang mga kilos ay hindi ganap na nagagawa ayon sa mga intensyon ng Diyos; sa halip ang katotohanan ay ang tunay na pagpapahayag ng kalooban ng

Diyos. Ang ilang mga tao na nagpapalaganap ng ebanghelyo ay nakakaramdam na sila ay hindi tamad, at sila ay nagtataka: Paano Mo maaaring sabihin na hindi ko isinasagawa ang katotohanan? Ngayon tinatanong kita: Gaano karaming katotohanan ang nasa iyong puso? Ilan ang mga bagay na nagáwâ mo alinsunod sa katotohahan sa panahong pinalalaganap mo ang ebanghelyo? Nauunawaan ba ng iyong puso ang kalooban ng Diyos? Hindi mo man lamang masabi kung ginagawa mo lamang ang mga bagay-bagay o isinasagawa ang katotohanan, sapagka't ang binibigyang-diin mo lamang ay ang paggamit ng iyong mga kasanayan upang bigyang-kasiyahan ang Diyos at pasayahin ang Diyos, nguni't hindi mo tinutugunan ang pagmamahal ng Diyos nang may matibay na paniniwala na "Hanapin ang kalooban ng Diyos sa lahat ng mga bagay upang bigyang-kasiyahan ang Diyos at umayon sa katotohanan." Kung sinasabi mong isinasagawa mo ang katotohanan, sa gayon gaano kalaki ang ipinagbago ng iyong disposisyon sa panahong ito? Gaano ang inilaki ng iyong pagmamahal sa Diyos? Ang mga sukatang ito ay sapat upang ipakita kung iyong isinasagawa o hindi ang katotohanan.

Hinango mula sa "Pag-unawa sa Likas na Pagkatao ng Isang Tao at Pagsasagawa ng Katotohanan" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ano ba talaga ang pamantayan sa pagsasagawa ng katotohanan? Paano sinusukat at inilalarawan kung isinasagawa mo ang katotohanan? Paano tinutukoy ng Diyos kung isa kang taong tumatanggap sa Kanyang mga salita matapos marinig ang mga iyon? Tinitingnan Niya, sa panahon na naniwala ka sa Kanya at nakinig sa mga sermon, kung nagkaroon na ng anumang pagbabago sa iyong kalooban, sa iyong pagsuway sa Kanya, at sa kakanyahan ng iba't ibang aspeto ng iyong tiwaling disposisyon. Tinitingnan Niya kung napalitan mo na ng katotohanan ang mga iyon, at kung nagbago na ang iyong pag-uugali at kilos o ang kakanyahan ng iyong tiwaling disposisyon sa kaibuturan ng iyong puso. Sinusukat ka ng Diyos ayon sa mga bagay na ito. Dahil nakinig ka na sa mga sermon at nakakain at nakainom ng mga salita ng Diyos sa mga taong nagdaan, paimbabaw

lamang ba, o mahalaga, ang iyong mga pagbabago? Nagkaroon na ba ng mga pagbabago sa iyong disposisyon? Nagkaroon na ba ng mga pagbabago sa iyong mga maling pagkaunawa tungkol sa Diyos, sa iyong pagsuway sa Diyos, at sa kung paano mo inuunawa ang mga tagubilin at tungkuling ipinagkakatiwala sa iyo ng Diyos? Nabawasan na ba ang iyong pagsuway sa Diyos? Kapag may nangyari at nabunyag na masuwayin ka, nagagawa mo bang magbulay-bulay tungkol sa iyong sarili? Kaya mo bang sumunod? Naging mas matapat ka na ba sa mga tagubilin at tungkuling ipinagkakatiwala sa iyo ng Diyos, at dalisay ba ang katapatang ito? Noong nakikinig ka sa mga sermon, nalinis na ba ang iyong mga motibo, ambisyon, hangarin, at layon? Hindi ba mga pamantayan ito sa pagsukat? At nariyan din ang iyong mga maling pagkaunawa tungkol sa Diyos: Kumakapit ka pa rin ba sa iyong orihinal na mga palagay, malalabo at mahirap unawaing imahinasyon, at mga konklusyon? Mayroon ka pa bang mga reklamo at iba pang negatibong damdamin? Nagkaroon na ba ng mga pagbabago patungkol sa mga bagay na ito? Kung wala pang pagbabago sa mga aspetong ito, anong klase kang tao? Iisa ang pinatutunayan niyan: Hindi ka isang taong nagsasagawa ng katotohanan.

Hinango mula sa “Sa Pagsasagawa Lamang ng mga Salita ng Diyos Nagkakaroon ng Mga Pagbabago sa Disposisyon” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Hindi nagaganap nang magdamag ang pagbabagong-anyo sa disposisyon, at kapag naunawaan mo na ang katotohanan ay hindi nangangahulugang makakaya mong isagawa ito sa bawat kapaligiran. Nasasangkot dito ang kalikasan ng tao. Minsan, mukhang isinasagawa mo ang katotohanan, ngunit ang totoo, ang ikinikilos mo ay hindi nagpapakita na isinasagawa mo ang katotohanan. Maraming tao na may ilang pag-uugaling ipinapakita, tulad ng pagsasantabi sa pamilya at trabaho at pagganap ng kanilang mga tungkulin, na dahil dito naniniwala silang isinasagawa nila ang katotohanan. Gayunpaman, hindi kinikilala ng Diyos na sila ay nagsasagawa ng katotohanan. Kapag ang mga ginagawa mo ay may personal na motibo at hindi puro, hindi mo isinasagawa ang

katotohanan; nagpapakita ka lamang nang mababaw na pag-uugali. Ang totoo, malamang na isumpa ng Diyos ang ganitong klaseng pag-uugali; hindi Niya ito pupurihin o maaalala. Kung mas susuriin pa ito, gumagawa ka ng masama at ang pag-uugali mo ay laban sa Diyos. Kung titingnan mula sa labas, hindi ka nakagagambala sa anumang bagay at hindi ka nakagawa ng totoong pinsala o nakalabag ng anumang katotohanan. Mukhang makatwiran at makatarungan iyon, subalit ang diwa ng iyong mga kilos ay patungkol sa paggawa ng kasamaan at paglaban sa Diyos. Samakatuwid ay dapat kang magpasiya kung mayroon nang pagbabago sa iyong disposisyon at kung isinasagawa mo ang katotohanan sa pagtingin sa mga motibo sa likod ng iyong mga kilos ayon sa mga salita ng Diyos. Hindi iyon nakasalalay sa pananaw ng tao kung ang mga kilos mo ba ay base sa imahinasyon at intensyon ng tao, o kung ito ba ay angkop sa iyong panlasa; ang mga bagay na ito ay hindi mahalaga. Bagkus, nakadepende iyon sa pagsasabi ng Diyos kung sumusunod ka o hindi sa Kanyang kalooban, kung ang iyong mga kilos ay mayroong katotohanang realidad o wala, at kung tumutugon ang mga ito o hindi sa Kanyang mga hinihiling at pamantayan. Ang pagsukat lamang ng iyong sarili ayon sa mga hinihiling ng Diyos ang tama. Ang pagbabago sa disposisyon at pagsasagawa ng katotohanan ay hindi kasingpayak at kasindali ng inaakala ng tao. Nauunawaan mo na ba ito ngayon? May karanasan ka ba rito? Pagdating sa diwa ng isang suliranin, maaaring hindi ninyo ito maunawaan; labis na mababaw ang inyong pagpasok. Paroo’t parito kayo sa maghapon, mula bukang-liwayway hanggang takipsilim, bumabangon nang maaga at natutulog nang gabing-gabi na, subalit hindi pa ninyo nakakamit ang pagbabago sa inyong disposisyon sa buhay, at hindi ninyo maintindihan kung ano ang kailangan sa gayong pagbabago. Ibig sabihin ay napakababaw ng inyong pagpasok, hindi ba? Gaano katagal man kayo naniniwala sa Diyos, maaaring hindi ninyo madama ang diwa at malalalim na bagay na gagawin sa pagkakamit ng pagbabago sa disposisyon. Masasabi bang nagbago na ang iyong disposisyon? Paano ninyo malalaman kung pinupuri kayo ng Diyos o hindi? Kahit paano, madarama

mo ang natatanging katatagan hinggil sa lahat ng iyong ginagawa, at madarama mo na ginagabayan at nililiwanagan ka ng Banal na Espiritu at gumagawa Siya sa iyo habang ginagampanan mo ang iyong mga tungkulin, ginagawa ang anumang gawain sa tahanan ng Diyos, o karaniwan. Ganap na aakma sa mga salita ng Diyos ang iyong pag-uugali, at kapag nagtamo ka na ng ilang antas ng karanasan, madarama mo na naangkop kahit papaano kung paano ka kumilos noong araw. Gayunman, kung makaraang magtamo ng karanasan sa loob ng ilang panahon, nadarama mo na hindi angkop ang ilan sa mga bagay na ginawa mo noong araw, at hindi ka nasisiyahan sa mga iyon, at nadarama mo na talagang walang katotohanan sa mga bagay na iyong ginawa, pinatutunayan nito, kung gayon, na ang lahat ng iyong nagawa ay ginawa bilang paglaban sa Diyos. Katunayan ito na ang iyong paglilingkod ay puno ng pagkasuwail, paglaban, at mga paraan ng pagkilos ng tao.

Hinango mula sa “Ang Dapat Malaman Tungkol sa Pagbabago ng Disposisyon ng Isang Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung may kaunting kaalaman ang mga tao tungkol sa Diyos, kung paano mamuhay nang makabuluhan, at makagawa ng ilang bagay na nakalulugod sa Diyos, kung gayon madarama nila na ganito talaga ang buhay, na sa pamumuhay lamang sa ganitong paraan magkakaroon ng kabuluhan ang kanilang buhay, at na kailangang mamuhay sila sa ganitong paraan upang mapalugod nang kaunti ang Diyos at masiyahan. Kung maaari nilang sadyang palugurin ang Diyos, isagawa ang katotohanan, talikuran ang kanilang sarili, talikuran ang sarili nilang mga ideya, at maging masunurin at makonsidersyon sa kalooban ng Diyos—kung magagawa nilang sadyang gawin ang lahat ng bagay na ito—kung gayon ito ang kahulugan ng tumpak na isagawa ang katotohanan, at tunay na isagawa ang katotohanan, at hindi ito talaga katulad ng dati nilang pag-asa sa kanilang mga imahinasyon at pagkapit sa mga doktrina at panuntunan. Sa totoo lang, nakakapagod gawin ang anuman kapag hindi nila nauunawaan ang katotohanan, nakakapagod manghawak sa mga doktrina

at panuntunan, at nakakapagod na hindi magkaroon ng mga mithiin at pikit-matang gawin ang mga bagay-bagay. Sa katotohanan lamang sila maaaring lumaya—hindi ito kasinungalingan—at kapag mayroon nito, madali at masaya nilang magagawa ang mga bagay-bagay. Yaong mga nagtataglay ng ganitong uri ng kalagayan ay mga taong nagtataglay ng katotohanan; sila ang mga taong nagbago na ang mga disposisyon.

Hinango mula sa "Sa Pamamagitan Lamang ng Paghahabol sa Katotohanan Nakakamit ng Isang Tao ang Pagbabago sa Disposisyon" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

108. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa Pagitan ng Normal na Pagkatao at sa Tiwaling Disposisyon

(1) Tukuyin kung tapat at matino ang tao sa salita at gawa; kung sila ay may prinsipyo sa kanilang mga pakikipag-ugnayan sa iba; kung may kakayahan silang magpaubaya at magtiyaga, at patas na pinakikitunguhan ang iba;

(2) Tukuyin kung iniibig ng tao ang mga positibong bagay, gayundin ang katotohanan; kung hinahanap nila ang katotohanan kapag may lumilitaw na usapin; kung hinahangad nila ang liwanag at tumatahak sa tamang landas sa buhay;

(3) Tukuyin kung, kapag nahaharap sa paghatol o pagkastigo o tinatabasan at kinakaharap, natatanggap ng tao ang mga ito mula sa Diyos; kung natatanggap at nagpapasakop sila sa katotohanan at nakikilala ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng pagdidili-dili sa sarili;

(4) Tukuyin kung sa paggawa ng tungkulin ng tao, nagsasalita ng katotohanan at praktikal na kumikilos bilang isang tapat na tao, o kung sila ay pabaya at walang pagkainteres, tuso at mapanlinlang, sa pagtatangkang dayain ang Diyos.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang ugat ng pagsalungat at pagiging mapanghimagsik ng tao laban sa Diyos ay ang kanyang katiwalian sa pamamagitan ni Satanas. Dahil sa katiwalian ni Satanas, naging manhid ang konsensiya ng tao; imoral siya,

masama ang kanyang mga saloobin, at paurong ang kanyang pangkaisipang pananaw. Bago siya ginawang tiwali ni Satanas, likas na tumatalima sa Diyos ang tao at sumusunod sa Kanyang mga salita pagkatapos marinig ang mga ito. Siya ay likas na may maayos na katinuan at konsensiya, at may normal na pagkatao. Matapos gawing tiwali ni Satanas, pumurol at pinahina ni Satanas ang orihinal na katinuan, konsensiya, at pagkatao ng tao. Sa gayon, nawala niya ang kanyang pagkamasunurin at pag-ibig sa Diyos. Nalihis ang katinuan ng tao, naging katulad na ng sa hayop ang kanyang disposisyon, at nagiging mas madalas at mas matindi ang kanyang pagiging mapanghimagsik sa Diyos. Nguni't hindi pa rin ito batid ni kinikilala ng tao, at basta na lamang siyang sumasalungat at naghihimagsik. Ibinubunyag ng mga pagpapahayag ng kanyang katinuan, kaunawaan, at konsensiya ang disposisyon ng tao; dahil wala sa ayos ang kanyang katinuan at kaunawaan, at sukdulan nang pumurol ang kanyang konsensiya, kaya mapanghimagsik laban sa Diyos ang kanyang disposisyon. Kung hindi mababago ang katinuan at pananaw ng tao, hindi posible ang mga pagbabago sa kanyang disposisyon, at ganoon din ang pagsunod sa kalooban ng Diyos. Kung hindi maayos ang katinuan ng tao, hindi niya maaaring paglingkuran ang Diyos at hindi siya akmang gamitin ng Diyos. Tumutukoy "ang normal na katinuan" sa pagsunod at pagiging tapat sa Diyos, sa paghahangad sa Diyos, sa pagiging ganap tungo sa Diyos, at sa pagkakaroon ng konsensiya tungo sa Diyos. Tumutukoy ito sa pagiging isa sa puso at isip tungo sa Diyos, at hindi pasadyang lumalaban sa Diyos. Hindi ganito ang pagkakaroon ng lihis na katinuan. Mula noong ginawang tiwali ni Satanas ang tao, nakabuo na siya ng mga haka-haka ukol sa Diyos, at wala siyang katapatan sa Diyos o paghahangad sa Kanya, at lalo na ang pagkakaroon ng konsensiya tungo sa Diyos. Sadyang sinasalungat at hinahatulan ng tao ang Diyos, at, bukod pa riyan, pumupukol sa Kanya ng mga pagtuligsa sa Kanyang likuran. Hinahatulan ng tao ang Diyos nang patalikod, nang may malinaw na kaalamang Siya ang Diyos; walang intensiyon ang tao na sundin ang Diyos, at gumagawa lamang ng mga bulag na kahilingan at

pakiusap sa Kanya. Ang gayong mga tao—mga taong may lihis na katinuan—ay walang kakayahang makilala ang sarili nilang pag-uugaling kasuklam-suklam o ang pagsisihan ang kanilang pagiging mapanghimagsik. Kung may kakayahan ang mga taong makilala ang mga sarili nila, bahagya nilang nabawi na ang kanilang katinuan; habang mas naghihimagsik sa Diyos ang mga taong hindi pa nakakikilala sa mga sarili nila, mas wala sa ayos ang kanilang katinuan.

Hinango mula sa “Ang Hindi Pagbabago ng Disposisyon ay Pakikipag-alitan sa Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kapag ang isang tao ay may mabuting pagkatao, isang tunay na puso, konsensiya, at katuwiran, ang mga ito ay hindi hungkag o malabong mga bagay na hindi maaaring makita o mahipo, ngunit sa halip ito ang mgabagay na maaaring matuklasan saan mang dako sa pang-araw-araw na buhay; ang mga ito ay mga bagay ukol sa realidad. Halimbawang ang isang tao ay dakila; iyan ba ay isang bagay na maaari mong makita? Hindi mo ito maaaring makita. Halimbawang ang isang tao ay perpekto; iyan ba ay isang bagay na maaari mong makita? Hindi mo ito maaaring makita o mahipo ito; ni hindi mo maiisip kung paano ang maging perpekto o dakila. Ngunit, kung ang isang tao ay ipinapalagay na makasarili, maaari mo bang makita ang mga pagkilos ng tao, at makatutugon ba ito sa pagsasalarawan? Kung ang isang tao diumano ay tapat na mayroong isang tapat na puso, ito ba ang paggawi na iyong nakikita? Kung ang isang tao diumano ay tuso, masama, hamak o makasarili, maaari mo bang makita ang mga ito? Kahit na ipikit mo ang iyong mga mata, maaari mong maunawaan kung ang pagkatao ng isang tao ay higit na mababa o higit na mataas sa pamamagitan ng kung ano ang kanyang sinasabi o kung paano siya kumilos. Kaya, ang “mabuti o masamang pagkatao” ay hindi isang parirala na walang laman. Ang mga pagsasalarawan kagaya ng “makasarili at mahalay,” “masama at tuso,” o “palalo at sutil” ay mga bagay lahat na mauunawaan ninyo sa totoong buhay kapag kayo ay nakikisalamuha sa isang tao; ang mga ito ay ang negatibong mga elemento ng pagkatao.

Kaya, kung gayon, ang positibong mga elemento ng pagkatao na dapat taglayin ng mga tao—katapatan, isang pag-ibig sa katotohanan—ay maaari bang makita sa araw-araw na pamumuhay? Maaari ba ninyo kung gayon makita at makilala kung taglay ng isang tao ang pagliliwanag ng Banal na Espiritu, kung maaari niyang makamit ang paggabay ng Diyos, at kung ang Banal na Espirtu ay gumagawa sa loob niya o hindi? Paano ba maaaring makilala ang mga ito? Mapatutunayan mo ang katangian ng pagkatao ng isang tao sa pamamagitan ng paggamit ng dalawang mga pamantayan ukol sa kung ano ang kanyang isinasabuhay at ang kakanyahan ng kung paano siya kumikilos. Kapag nakasalamuha mo ang isang tao, dapat ka munang tumingin sa katangian ng kanyang pagkatao upang husgahan kung ano ang kanyang nakakatulad, kilalanin kung siya ay isang mangingibig ng katotohanan, kung maaari niyang tanggapin ang katotohanan, at kung maaari niyang kamtin ang katotohanan. Kung ang bibig ng tao ay puno ng mga salitang masarap pakinggan at mayroon siyang matamis na dila ngunit hindi kumikilos nang tapat—pagdating ng panahon upang kumilos, upang kumilos talaga, iniisip lamang niya ang sarili niya at hindi kailanman iniisip ang iba—anong uri ng pagkatao ang ganito? (Pagkamakasarili at pagiging mahalay. Wala siyang pagkatao.) Madali ba para sa isang tao na walang pagkataoang makamit ang katotohanan? Mahirap para sa kanya na kamtin ang katotohanan. Sa sandaling dumating ang isang pagkakataon ng pagdurusa o pagbabayad ng ilang halaga, iniisip niya, “Mauna muna kayo mga kasama sa ganitong pagdurusa at pagbabayad ng halaga. Magpatuloy kayo, at kapag ang mga resulta ay natamo talaga darating ako.” Anong uri ng pagkatao ang ganito? Ang mga paggawing ito ay kilala sa kabuuan bilang “hindi pagkakaroon ng pagkatao.” Ang bawat tao ay mayroong tiwaling disposisyon, ngunit ang ilang mga tao ay mayroong isang konsesiya na gumagana at nakadarama ng pagsisisi sa sarili kapag nakasasagupa sila ng isang partikular na pangyayari. Bagamat hindi namamalayang sinasabi nila, “Hinahangad ko ang katotohanan at dapat maging isang mabuting tao,” iniisip pa rin nila, “Hindi ako maaaring gumawi sa gayong paraan. Dapat akong maging

karapat-dapat sa biyaya ng Diyos at sa pagpili sa akin.” Ang kanilang konsensiya ay nagsisilbi ng ganitong gampanin. Kaya, kung gayon, ang gayong uri ba ng tao ay nagsasagawa ng katotohanan kung ang kanyang konsensiya ay gumagana kagaya nito? Sa totoo lang, hindi nangangahulugan na isinasagawa niya ang katotohanan, na siyang tama, at magiging madali kung gayon para sa kanya na kamtin ang katotohanan. Ito ang pinakapangunahing saligan ng pagtatamo ng katotohanan ng isang tao. Nagpapatuloy ang ilang mga tao kapag nahaharap sila sa isang pangyayari, at ang ilan ay biglang umuurong. Ang ilan ay nagtatago kapag nahaharap sa panganib, at ang ilan ay ipinagsasanggalang ang iba, isinusuong ang kanilang mga sarili. Kapag nahaharap sila sa isang pangyayari, ang ilang mga tao ay nakakapagtiis at nagpapaubaya, at ang iba ay nakikipagpaligsahan at nakikipaglaban. Ito ang paraan kung paano mo makikita ang kakayahan ng pagkatao ng isang tao. Wala bang mga pagkakaiba sa pagkatao?

Maraming tao ang gumawa ng matatatag na kapasiyahan at nanumpa sa harap ng Diyos, ibinibigay sa Kanya ang kanilang buong buhay at gumugugol para sa Kanya nang walang hinahangad na kapalit. Gayunpaman, ang mga taong may masamang pagkatao ay palaging nakikipagtalo at nakikipaglaban, hindi kailanman nagbibigay o nagtitiis, at hindi kailanman kumikilos ayon sa budhi. Madali ba para sa isang tulad nito na magkamit ng katotohanan? Madali ba para sa kanya na magawang perpekto ng Diyos? (Hindi.) Sapagka’t anong uri ng tao ang madaling magawang perpekto ng Diyos at magkamit ng katotohanan? (Mga taong may mabuting pagkatao.) Kailangang may pamantayan para sa pagkakaroon ng mabuting pagkatao. Hindi kasama rito ang pagtahak sa landas ng pagtitimpi, hindi pagkapit sa mga prinsipyo, pagsisikap na huwag makasakit ng sinuman, pagsipsip kahit saan ka magpunta, pag-aayos at pagpapaganda para sa lahat ng iyong nakakasalubong, at pagpapagaan sa pakiramdam ng lahat. Hindi ito ang pamantayan. Ano kung gayon ang pamantayan? Kinabibilangan ito ng pagtrato sa Diyos, sa ibang tao, at sa mga pangyayari nang may isang tunay na puso, pagkakaroon ng

kakayahang umako ng pananagutan, at paggawa ng lahat ng ito sa paraang maliwanag para makita at maramdaman ng lahat. Bukod doon, sinisiyasat ng Diyos ang mga puso ng mga tao at kinikilala sila bawat isa. Palaging ipinagyayabang ng ilang tao na nagtataglay sila ng mabuting pagkatao, sinasabing hindi sila kailanman nakagawa ng anumang masama, nakapagnakaw ng mga pag-aari ng iba, o nakapaghangad ng mga pag-aari ng ibang tao. Umaabot pa sila sa puntong pinahihintulutan nila ang iba na makinabang sa kanilang sariling kapinsalaan kapag mayroong pagtatalo sa mga interes, pinipiling dumanas ng pagkatalo, at hindi sila nagsasabi ng anumang masama tungkol sa sinuman para lamang isipin ng lahat na mabubuti silang tao. Gayunpaman, kapag ginagampanan ang kanilang mga tungkulin sa bahay ng Diyos, tuso at madaya sila, palaging nagbabalak para sa kanilang sarili. Hindi nila kailanman iniisip ang kapakanan ng bahay ng Diyos, hindi nila kailanman tinatrato na madalian ang mga bagay na tinatrato ng Diyos na madalian o nag-iisip gaya ng pag-iisip ng Diyos, at hindi nila kailanman kayang isantabi ang mga sarili nilang kapakanan upang magampanan ang kanilang mga tungkulin. Hindi nila kailanman tinalikdan ang sarili nilang kapakanan. Kahit na nakikita nilang gumagawa ng kasamaan ang masasamang tao, hindi nila inilalantad ang mga ito; wala silang mga prinsipyo o kung anuman. Hindi ito isang halimbawa ng mabuting pagkatao. Huwag ninyong pansinin ang sinasabi ng gayong tao; kailangan ninyong makita ang kanyang ipinamumuhay, ang kanyang ipinapakita, at ang kanyang saloobin kapag ginagampanan niya ang kanyang mga tungkulin, pati na ang kalagayang panloob niya at ang kanyang minamahal. Kung ang pagmamahal niya sa kanyang sariling katanyagan at kapalaran ay nakahihigit sa kanyang debosyon sa Diyos, kung ang pagmamahal niya sa kanyang sariling katanyagan at kapalaran ay nakahihigit sa mga interes ng Diyos, o kung ang kanyang pagmamahal sa sarili niyang katanyagan at kapalaran ay nakahihigit sa konsiderasyong ipinapakita niya para sa Diyos, hindi siya isang taong may pagkatao. Nakikita ng iba at ng Diyos ang kanyang paggawi; samakatuwid, napakahirap para sa gayong tao na matamo ang katotohanan.

Hinango mula sa “Ipagkaloob ang Iyong Tunay na Puso sa Diyos, at Makakamit Mo ang Katotohanan” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Walang ibang pinagmumulan ang pagbubunyag ng tiwaling disposisyon ng tao kundi ang mapurol niyang konsensiya, ang malisyoso niyang kalikasan, at ang katinuan niyang wala sa ayos; kung muling makababalik sa normal ang konsensiya at katinuan ng tao, magiging akma siyang magamit sa harap ng Diyos. Dahil lamang sa ang konsensiya ng tao ay manhid na noon pa man, at dahil ang katinuan ng tao, na hindi kailanman naging maayos, ay patuloy na mas pumupurol anupa’t lalo pang nagiging mapanghimagsik ang tao sa Diyos, kaya ipinako pa nga niya si Jesus sa krus at hindi pinapapasok sa kanyang tahanan ang pagkakatawang-tao ng Diyos sa mga huling araw, at kinukondena ang katawang-tao ng Diyos, at mababa ang tingin sa katawang-tao ng Diyos. Kung mayroon kahit kaunting pagkatao ang tao, hindi siya magiging malupit sa kanyang pagtrato sa katawang-tao ng Diyos; kung mayroon siyang kahit kaunting katinuan, hindi siya magiging malupit sa kanyang pagtrato sa katawang-tao ng nagkatawang-taong Diyos; kung mayroon siyang kahit kaunting konsensiya, hindi siya “magpapasalamat” sa nagkatawang-taong Diyos sa ganitong paraan. Nabubuhay ang tao sa panahon na ang Diyos ay nagkakatawang-tao, nguni’t hindi niya magawang magpasalamat sa Diyos sa pagbibigay sa kanya ng gayon kagandang pagkakataon, at sa halip ay isinusumpa ang pagdating ng Diyos, o lubusang hindi pinapansin ang katotohanan ng pagkakatawang-tao ng Diyos, at para bang tutol siya dito at nababagot dito. Anuman ang pagtrato ng tao sa pagdating ng Diyos, ang Diyos, sa madaling sabi, ay matiyaga nang nagpapatuloy sa Kanyang gawain noon pa man—kahit wala ni katiting na pagtanggap ang tao sa Kanya, at walang taros na humihiling sa Kanya. Naging sukdulang malupit na ang disposisyon ng tao, naging lubos na mapurol na ang kanyang katinuan, at lubusang niyurakan na ng masamang nilalang ang kanyang konsensiya at matagal nang tumigil na maging orihinal na konsensiya ng tao. Hindi lamang walang utang na loob

ang tao sa nagkatawang-taong Diyos para sa pagkakaloob Niya ng kayraming buhay at biyaya sa sangkatauhan, bagkus ay naghihinakit pa nga sa Diyos dahil sa pagbibigay sa kanya ng katotohanan; dahil wala ni kaunting interes sa katotohanan ang tao kaya naghihinakit siya sa Diyos. Bukod sa hindi magawa ng taong ialay ang kanyang buhay para sa nagkatawang-taong Diyos, sinusubukan din niyang makakuha ng mga pabor mula sa Kanya, at humihingi ng interes na dose-dosenang beses na mas malaki kaysa sa naibigay na ng tao sa Diyos. Iniisip ng mga taong may gayong konsensiya at katinuan na hindi ito mahalagang bagay, at naniniwala pa rin na masyado na nilang iginugol ang sarili nila para sa Diyos, at na masyadong kakaunti ang naibigay na ng Diyos sa kanila. May mga tao na, matapos magbigay sa Akin ng isang mangkok ng tubig, inilalahad ang kanilang mga kamay at humihiling na bayaran Ko sila para sa dalawang mangkok ng gatas, o, matapos makapagbigay sa Akin ng isang kuwarto para sa isang gabi, humihiling na magbayad Ako ng renta para sa maraming gabi. Sa gayong pagkatao at sa gayong konsensiya, paano ninyo nagagawa pa ring naising magkamit ng buhay? Anong kasuklam-suklam na masasama kayo! Ang ganitong uri ng pagkatao sa tao at ganitong uri ng konsensiya sa tao ang dahilan kung bakit nagpapagala-gala sa buong lupain ang nagkatawang-taong Diyos, na walang mahanap na lugar para masilungan. Silang mga tunay na nagtataglay ng konsensiya at pagkatao ay dapat sumamba at buong pusong maglingkod sa nagkatawang-taong Diyos hindi dahil sa dami ng gawaing nagawa na Niya, nguni’t kahit na wala Siyang ginawang anumang gawain. Ito ang dapat gawin ng mga may maayos na katinuan, at ito ang tungkulin ng tao. Naghahayag pa ang karamihan ng mga tao ng mga kundisyon sa kanilang paglilingkod sa Diyos: Wala silang pakialam kung Siya man ay Diyos o tao, at binabanggit lamang nila ang sarili nilang mga kundisyon, at hinahangad lamang na mabigyang kasiyahan ang sarili nilang mga pagnanais. Kapag nagluluto kayo para sa Akin, naniningil kayo ng bayad para sa serbisyo, kapag tumatakbo kayo para sa Akin, naniningil kayo ng bayad para sa pagtakbo, kapag nagtatrabaho kayo para sa Akin, naniningil kayo ng

sahod, kapag nilalabhan ninyo ang Aking mga damit, naniningil kayo ng bayad para sa paglalaba, kapag nagbibigay kayo sa simbahan, naniningil kayo ng pambawi sa gastos, kapag nagsasalita kayo, naniningil kayo ng bayad para sa pagsasalita, kapag namimigay kayo ng mga libro naniningil kayo ng bayad para sa pamamahagi, at kapag nagsusulat kayo, naniningil kayo ng bayad para sa pagsusulat. Yaong pinakitunguhan Ko na ay naniningil pa nga ng kabayaran mula sa Akin, samantalang ang mga napauwi na ay naniningil ng bayad-pinsala para sa pagkasira ng kanilang pangalan; yaong hindi pa kasal ay naniningil ng dote, o ng kabayaran para sa nawala nilang kabataan; yaong kumakatay ng manok ay naniningil ng bayad para sa mangangatay, yaong nagpiprito ng pagkain ay naniningil ng bayad para sa pagpiprito, at yaong nagluluto ng sopas ay naniningil rin ng bayad para rito…. Ito ang inyong matayog at makapangyarihang pagkatao, at ito ang mga pagkilos na idinidikta ng inyong masiglang konsensiya. Nasaan ang inyong katinuan? Nasaan ang inyong pagkatao?

Hinango mula sa “Ang Hindi Pagbabago ng Disposisyon ay Pakikipag-alitan sa Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Walang kabuktutan o panlilinlang sa mga disposisyon ng normal na mga tao, normal ang relasyon ng mga tao sa isa’t isa, hindi sila nag-iisa, at ang kanilang buhay ay hindi karaniwan ni bulok. Gayundin naman, dinadakila ang Diyos sa lahat; ang Kanyang mga salita ay lumalaganap sa tao, namumuhay ang mga tao nang payapa sa piling ng isa’t isa at sa pangangalaga at proteksyon ng Diyos, ang lupa ay puspos ng pagkakasundo, na walang panghihimasok ni Satanas, at ang kaluwalhatian ng Diyos ang itinuturing na pinakamahalaga sa tao. Ang gayong mga tao ay parang mga anghel: dalisay, masigla, hindi kailanman nagrereklamo tungkol sa Diyos, at inilalaan ang lahat ng pagsisikap nila para lamang sa kaluwalhatian ng Diyos sa lupa.

Hinango mula sa “Kabanata 16” ng Mga Pakahulugan sa mga Hiwaga ng mga Salita ng Diyos sa Buong Sansinukob sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Anong mga aspeto ang kabilang sa normal na pagkatao? Kabatiran,

pakiramdam, konsiyensya, at pag-uugali. Kung maaari kang magkamit ng normalidad sa bawat isa sa mga aspetong ito, magiging katanggap-tanggap ang iyong pagkatao. Dapat kang maging kawangis ng isang normal na tao, at dapat kang maging kamukha ng isang nananampalataya sa Diyos. Hindi mo kailangang gumawa ng napakarami, o makibahagi sa diplomasya; kailangan mo lamang maging isang normal na tao, na may pakiramdam ng isang normal na tao, para maunawaan ang mga bagay-bagay, at makamukha man lamang ng isang normal na tao. Sapat na iyon. Lahat ng kinakailangan sa iyo ngayon ay naaayon sa iyong mga kakayahan; hindi ito pagtatangkang padapuin ang isang pato sa isang dapuan. Walang mga salita o gawaing walang kabuluhan na isasagawa sa iyo. Lahat ng kapangitang ipinahayag o ibinunyag sa iyong buhay ay kailangang maalis. Nagawa kayong tiwali ni Satanas at umaapaw sa inyo ang lason ni Satanas. Ang tanging hinihiling sa iyo ay alisin ang tiwali at napakasamang disposisyong ito. Hindi ka hinihilingang maging isang taong may mataas na ranggo, o isang sikat o dakilang tao. Walang kabuluhan iyan. Ang gawaing ginawa sa inyo ay isinasaalang-alang ang likas sa inyo. Ang hinihingi Ko sa mga tao ay itinatakda ng mga hangganan. Kung nagsasagawa ka sa paraan at tono ng pagsasalita ng mga intelektuwal, hindi ito mangyayari; hindi mo ito magagawa. Ayon sa inyong kakayahan, dapat ay magawa man lamang ninyong magsalita nang may karunungan at maingat at ipaliwanag ang mga bagay-bagay nang malinaw at nauunawaan. Iyon lamang ang kailangan para makatugon sa mga kinakailangan. Kung, kahit paano, magtamo kayo ng kabatiran at pakiramdam, puwede na iyan. Ang pinakamahalaga ngayon mismo ay itakwil ang iyong tiwali at napakasamang disposisyon. Kailangan mong itakwil ang kapangitang nakikita sa iyo. Paano ka magsasalita tungkol sa pinakadakilang pakiramdam at pinakadakilang kabatiran, kung hindi mo itatakwil ang mga ito? Maraming tao, nang makita na nagbago na ang kapanahunan, ang walang anumang kapakumbabaan o pasensya, at baka wala rin silang anumang pagmamahal o kagandahang-asal ng isang banal. Kakatwa ang ganitong mga tao! Mayroon man lamang ba silang kahit

katiting na normal na pagkatao? Mayroon ba silang anumang patotoong maibabahagi? Lubos silang walang kabatiran o pakiramdam. Mangyari pa, kailangang itama ang ilang aspeto ng pagsasagawa ng mga tao na lihis at mali; ang dati nilang mahigpit na espirituwal na buhay at hindi kanais-nais na anyo, halimbawa—lahat ng ito ay kailangang baguhin. Ang pagbabago ay hindi nangangahulugan na hahayaan kang magpakasama o magpasasa sa laman, na sinasabi ang anumang naisin mo. Hindi ka dapat magsalita nang basta-basta. Ang magkaroon ng pananalita at tikas ng isang normal na tao ay ang magsalita nang may pagkakaugnay-ugnay, na sinasabing "oo" kapag "oo" ang ibig mong sabihin, at "hindi" kapag "hindi" ang ibig mong sabihin. Sabihin ang totoo at magsalita nang angkop. Huwag manloko, huwag magsinungaling. Kailangang maunawaan ang mga limitasyong maaaring maabot ng isang normal na tao tungkol sa pagbabago ng disposisyon. Kung hindi, hindi ka makakapasok sa realidad.

Hinango mula sa "Ang Pagpapataas ng Antas ng Kakayahan ay Alang-alang sa Pagtanggap ng Pagliligtas ng Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Dapat ninyong malamang gusto ng Diyos yaong mga tapat. Sa diwa, matapat ang Diyos, at kaya naman palaging mapagkakatiwalaan ang mga salita Niya; higit pa rito, walang mali at hindi mapag-aalinlanganan ang mga kilos Niya, kung kaya gusto ng Diyos yaong mga lubos na tapat sa Kanya. Ang katapatan ay nangangahulugang pagbibigay ng puso mo sa Diyos, pagiging wagas sa Diyos sa lahat ng mga bagay, pagiging bukas sa Kanya sa lahat ng mga bagay, hindi pagtatago kailanman ng katotohanan, hindi pagsusubok na malinlang yaong mga nasa itaas at nasa ibaba mo, at hindi paggawa ng mga bagay upang manuyo lamang sa Diyos. Sa madaling salita, ang pagiging tapat ay pagiging dalisay sa mga kilos at mga salita mo, at hindi paglilinlang sa Diyos o sa tao. … Kung lubhang nagagalak kang maging isang tagapaglingkod sa tahanan ng Diyos, na gumagawa nang masigasig at matapat sa di-katanyagan, palaging nagbibigay at hindi kailanman kumukuha, sinasabi Kong isa kang tapat na banal, sapagkat hindi ka naghahanap ng gantimpala at nagsisikap lamang

na maging tapat na tao. Kung handa kang maging matapat, kung handa kang gugulin ang lahat ng nasa iyo, kung kaya mong isakripisyo ang buhay mo para sa Diyos at tumayong matatag sa patotoo mo, kung tapat ka hanggang sa puntong pagbibigay-kasiyahan lamang sa Diyos ang alam mo at hindi pagsaalang-alang ng sarili mo o pagkuha para sa sarili mo, sinasabi Kong ang ganitong mga tao ay yaong mga pinalulusog sa liwanag at siyang mabubuhay kailanman sa kaharian.

Hinango mula sa “Tatlong Paalaala” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa kanilang tunay na mga karanasan, ang mga taong may katotohanan ay yaong mga makakayang manindigan sa kanilang patotoo, manindigan sa kanilang kalagayan, tumayo sa panig ng Diyos, nang hinding-hindi umaatras, at magkaroon ng normal na ugnayan sa mga taong nagmamahal sa Diyos, na sakali mang mangyari ang mga bagay sa kanila ay magagawang ganap na sumunod sa Diyos, at makakayang sumunod sa Diyos hanggang kamatayan. Ang iyong pagsasagawa at mga pahayag sa tunay na buhay ay ang patotoo ng Diyos, ang mga ito ang pagsasabuhay ng tao at ang patotoo ng Diyos, at ito ang tunay na pagtatamasa sa pagmamahal ng Diyos; kapag nakaranas ka hanggang sa puntong ito, ang nararapat na bisa ay makakamit na. Nagtataglay ka ng aktwal na pagsasabuhay, at ang bawat kilos mo ay tinitingala ng iba nang may paghanga. Pangkaraniwan ang iyong pananamit at panlabas na anyo, ngunit isinasabuhay mo ang isang buhay na may sukdulang kabanalan, at kapag ipinababatid mo ang mga salita ng Diyos, ginagabayan at nililiwanagan ka Niya. Nagagawa mong sabihin ang kalooban ng Diyos sa pamamagitan ng iyong mga salita, naipagbibigay-alam ang realidad, at marami kang nauunawaan tungkol sa paglilingkod sa diwa. Tapat ka sa iyong pananalita, disente at matuwid, ayaw sa hidwaan at mapagpakundangan, nagagawang sundin ang mga pagsasaayos ng Diyos at naninindigan sa iyong patotoo kapag may nangyayari sa iyo, at ikaw ay payapa at mahinahon anuman ang kinakaharap mo. Ang ganitong uri ng tao ay tunay na nakita na ang pag-ibig ng Diyos. May ilang tao na bata pa,

ngunit kumikilos sila na tila may-edad na; may isip na sila, nagtataglay ng katotohanan, at hinahangaan ng iba—at ito ang mga taong may patotoo, at mga manipestasyon ng Diyos.

Hinango mula sa “Ang mga Nagmamahal sa Diyos ay Mabubuhay Magpakailanman sa Kanyang Liwanag” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Lagi ninyong inaasam na makita si Cristo, ngunit hinihimok Ko kayo na huwag ninyong masyadong pahalagahan nang husto ang inyong sarili; maaaring makita ng sinuman si Cristo, ngunit sinasabi Ko na walang sinuman ang karapat-dapat na makita si Cristo. Dahil ang likas na pagkatao ng tao ay punung-puno ng kasamaan, kayabangan, at pagkasuwail, sa sandaling makita mo si Cristo, ang iyong likas na pagkatao ay wawasakin at susumpain ka hanggang kamatayan. Ang iyong pakikisama sa isang kapatid na lalaki (o babae) ay maaaring walang gaanong maipakita tungkol sa iyo, ngunit hindi gayon kasimple kapag nakisama ka kay Cristo. Anumang oras, maaaring yumabong ang iyong mga haka-haka, magsimulang umusbong ang iyong kayabangan, at magbunga ng mga igos ang iyong pagkasuwail. Paano ka magiging marapat na makisama kay Cristo kung ganoon ang pagkatao mo? Talaga bang nagagawa mo Siyang tratuhin bilang Diyos sa bawat sandali ng bawat araw? Talaga bang magkakaroon ka ng realidad ng pagpapasakop sa Diyos? Sinasamba ninyo ang matayog na Diyos sa kaibuturan ng inyong puso bilang si Jehova samantalang itinuturing ninyong tao ang Cristong nakikita. Napakaliit ng inyong katinuan at napakababa ng inyong pagkatao! Hindi ninyo kayang ituring palagi si Cristo bilang Diyos; paminsan-minsan lamang kayo nangungunyapit sa Kanya, kapag gusto ninyo, at sumasamba sa Kanya bilang Diyos. Ito ang dahilan kaya Ko sinasabi na hindi kayo mga mananampalataya ng Diyos, kundi isang barkada ng magkakasabwat na lumalaban kay Cristo. Kahit ang mga taong nagpapakita ng kabaitan sa iba ay sinusuklian, subalit si Cristo, na nakagawa ng gayong gawain sa inyo, ay hindi natanggap ang pagmamahal ng tao ni ang kanyang gantimpala at pagpapasakop. Hindi ba ito

nakakadurog ng puso?

Hinango mula sa “Yaong mga Hindi Kaayon ni Cristo ay Tiyak na mga Kalaban ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Maaaring naniniwala ang ilan na, kung masyadong mapanganib ang makisama sa Diyos, mas mabuti pa sigurong manatiling malayo sa Diyos. Ano ang posibleng mapala ng mga taong kagaya nito? Maaari ba silang maging tapat sa Diyos? Panigurado, napakahirap makisama sa Diyos—ngunit iyan ay dahil tiwali ang tao, hindi dahil hindi nagagawang makisama ng Diyos sa kanya. Ang pinakamabuting gawin ay maglaan kayo ng higit na pagsisikap sa katotohanan ng pagkilala sa sarili. Bakit hindi kayo nabibiyayaan ng Diyos? Bakit kasuklam-suklam sa Kanya ang inyong disposisyon? Bakit pinupukaw ng inyong pananalita ang Kanyang galit? Sa sandaling magpamalas kayo ng katiting na katapatan, pinupuri ninyo ang inyong sarili, at humihingi kayo ng gantimpala para sa maliit na ambag; hinahamak ninyo ang iba kapag nakapagpakita kayo ng kaunting pagsunod, at nawawalan kayo ng galang sa Diyos kapag may simpleng gawain kayong naisakatuparan. Sa pagtanggap sa Diyos, humihingi kayo ng pera, mga regalo, at mga papuri. Masakit sa inyo ang magbigay ng isa o dalawang barya; kapag nagbigay kayo ng sampu, umaasam kayo ng mga pagpapala at nais ninyong kilalanin kayo. Ang pagkataong katulad ng sa inyo ay positibong masakit sabihin o pakinggan. Mayroon bang anumang kapuri-puri sa inyong mga salita at kilos? Yaong mga gumaganap sa kanilang tungkulin at yaong mga hindi; yaong mga namumuno at yaong mga sumusunod; yaong mga tumatanggap sa Diyos at yaong mga hindi; yaong mga nag-aabuloy at yaong mga hindi; yaong mga nangangaral at yaong mga tumatanggap ng salita, at iba pa: lahat ng taong iyon ay pinupuri ang kanilang sarili. Hindi ba ito nakakatawa sa inyo? Lubos na nababatid na naniniwala kayo sa Diyos, magkagayunma’y hindi kayo nakaayon sa Diyos. Lubos na nababatid na hindi kayo karapat-dapat, patuloy pa rin kayong nagyayabang. Hindi ba ninyo nadarama na nabawasan na nang kaunti ang inyong katinuan kaya wala na kayong

kontrol sa sarili? Sa ganitong katinuan, paano kayo angkop na makikisama sa Diyos? Hindi ba kayo natatakot para sa inyong mga sarili sa puntong ito? Lumala na ang inyong disposisyon hanggang sa hindi na ninyo makayang umayon sa Diyos. Dahil dito, hindi ba nakakatawa ang inyong pananampalataya? Hindi ba kahibangan ang inyong pananampalataya? Paano mo tatanggapin ang iyong kinabukasan? Paano mo pipiliin ang landas na iyong tatahakin?

Hinango mula sa "Yaong mga Hindi Kaayon ni Cristo ay Tiyak na mga Kalaban ng Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Hindi masyadong pinipilit ng mga tao ang kanilang mga sarili, pero marami silang hinihingi sa Diyos. Hinihingi nila sa Kanya na maging napakabait sa kanila at maging matiisin at mapagtimpi sa kanila, itangi sila, pagkalooban sila, ngitian sila, at pangalagaan sila sa maraming paraan. Inaasahan nila na hindi Siya maging istrikto man lamang sa kanila o gawan ng anumang bagay na hindi nila magugustuhan, at nasisiyahan lamang kung kinakausap Niya nang malambing araw-araw. Ang mga tao'y napaka-hindi-makatuwiran! Hindi malinaw sa kanila kung ano ang dapat nilang gawin, kung ano ang dapat nilang tuparin, kung anong mga pananaw ang dapat nilang taglayin, kung anong posisyon ang dapat nilang panindigan upang paglingkuran ang Diyos, at kung anong posisyon ang angkop na paglagyan ng kanilang sarili. Ang mga taong may kaunting katayuan ay may napakataas na pagtingin sa kanilang sarili, nguni't yaong walang katayuan ay bahagya ring mataas ang tingin sa kanilang sarili. Kailanma'y hindi nakikilala ng mga tao ang kanilang sarili. Dapat marating ang isang punto sa inyong paniniwala sa Diyos kung saan, paano man Siya magsalita sa inyo, gaano man Siya kahigpit, at gaano man Siya maaring hindi mamansin, nagagawa mo na manatiling naniniwala nang walang reklamo at patuloy na tinutupad ang tungkulin tulad ng dati. Sa gayon, ikaw ay magiging isang nasa gulang at makaranasang tao, at totoong magkakaroon ng kaunting tayog at kaunting katinuan ng isang normal na tao. Hindi hihingi sa Diyos, hindi na magkakaroon pa ng labis-labis na mga

pagnanasa, at hindi na hihiling pa sa iba o sa Diyos ayon sa sariling kagustuhan at di-kagustuhan. Ipakikita nito na sa ano't anuman, taglay ninyo ang wangis ng isang tao. Sa ngayon, napakarami ninyong hinihingi, at ang mga ito ay masyadong labis-labis. Ang pagkakaroon ng napakaraming pantaong intensyon ay nagpapatunay na ikaw ay hindi nakatayo sa tamang posiyon; napakataas ng iyong kinalalagyan, at tiningnan mo ang iyong sarili bilang napakarangal—na tila ba hindi ka higit na mababa sa posisyon kaysa sa Diyos. Samakatuwid ay mahirap kang pakitunguhan, at ito mismo ang kalikasan ni Satanas.

Hinango mula sa "Ang Mga Taong Gumagawa ng Palagiang Paghingi sa Diyos ang Pinaka-hindi-makatwirang Mga Tao" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sa loob ng tiwaling disposisyon ng sangkatauhan, may praktikal na isyung hindi ninyo alam; isang napakabigat na problema, na karaniwan sa pagkatao ng bawat isang tao. Ito ang pinakamalaking kahinaan ng sangkatauhan, at isa ring elemento ng diwa ng likas na pagkatao na pinakamahirap tuklasin at baguhin. Ang mga tao mismo ay mga bagay na nilikha. Kaya ba ng mga bagay na nilikha na magkamit ng walang-hanggang kapangyarihan? Kaya ba nilang maging perpekto at walang anumang mali? Kaya ba nilang maging mahusay sa lahat ng bagay, maunawaan ang lahat ng bagay, at maisakatuparan ang lahat ng bagay? Hindi nila kaya. Gayunman, sa kalooban ng mga tao, may isang kahinaan. Sa sandaling matuto sila ng isang kasanayan o propesyon, pakiramdam ng mga tao ay may kakayahan sila, na sila ay mga taong may katayuan at may halaga, at na sila ay medyo mga propesyonal. Gaano man nila isiping "may kakayahan" sila, nais nilang gawing kaakit-akit ang kanilang sarili, na nagpapanggap na matataas na tao sa lipunan, at magmukhang perpekto at walang anumang mali, wala ni isang depekto; nais nilang maging dakila, makapangyarihan, lubos na may kakayahan, at nakagagawa ng anumang bagay sa mga mata ng iba. Pakiramdam nila'y kapag humingi sila ng tulong sa iba tungkol sa isang bagay, magmumukha silang walang kakayahan, mahina, at mas mababa, at na hahamakin sila ng mga tao. Sa

dahilang ito, palagi nilang nais na patuloy na magkunwari. Ang ilang tao, kapag pinagawa ng isang bagay, ay nagsasabing alam nila kung paano ito gawin, kahit na sa katunayan ay hindi. Pagkatapos, palihim, sasaliksikin nila ito at susubukang matutuhan kung paano ito gawin, nguni't pagkatapos itong pag-aralan nang maraming araw, hindi pa rin nila ito nauunawaan; wala silang kaalam-alam. Kapag tinanong kung kumusta sila dito, patuloy silang nagkukunwari upang hindi mabunyag ang kanilang mga pagkakamali at mga kahinaan, sa halip ay sinasabing malapit na silang matapos. Anong klaseng disposisyon ito? Lubhang mapagmataas ang gayong mga tao, nawalan na sila ng buong katinuan! Ayaw nilang maging karaniwang mga tao, normal na mga tao, o mga mortal lamang. Gusto lamang nilang maging nakahihigit sa tao, o isang taong may espesyal na mga kakayahan o mga kapangyarihan. Napakalaking problema nito! Patungkol sa kahinaan, pagkukulang, kamangmangan, kalokohan, o kawalan ng pang-unawa sa normal na pagkatao, babalutan nila ang mga iyon, ipapakete, hindi ipapakita sa ibang mga tao, pagkatapos ay patuloy silang magpapanggap. Laging lumilipad ang isip ng gayong mga tao, hindi ba? Hindi ba nangangarap sila nang gising? Hindi nila kilala kung sino sila mismo, ni hindi nila alam kung paano mabuhay nang normal. Ni minsa'y hindi sila kumilos na tulad ng praktikal na mga tao. Sa pagkilos nila, kung ang klase ng landas na ito ang pinipili ng mga tao—laging lumilipad ang isip nila sa halip na manatili silang nakatapak sa lupa, gusto nila palaging lumipad—malamang na magkaroon sila ng mga problema. Sa totoo lang, kung gagawin mo ito, paano ka man manalig sa Diyos, hindi mo mauunawaan ang katotohanan, ni hindi mo matatamo ito, dahil hindi tama ang klaseng ito ng landas sa buhay na pinipili mo, at mali ang simula mo. Kailangan mong matutuhan kung paano lumakad sa lupa, at paano lumakad nang matatag, sa paisa-isang hakbang. Kung kaya mong lumakad, lumakad ka; huwag mong subuking matutong tumakbo. Kung kaya mong lumakad sa paisa-isang hakbang, huwag mong subuking magdala-dalawang hakbang. Kailangan ay matatag kang nakatayo sa lupa. Huwag mong subuking maging pambihirang tao, matapang, o matayog.

Hinango mula sa “Ang Limang Kinakailangang Kalagayan Upang Mapunta sa Tamang Landas ng Pananampalataya ng Isang Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Malupit na sangkatauhan! Ang pakikipagsabwatan at intriga, ang pag-aagawan at paghahablutan sa isa’t isa, ang pagkukumahog para sa reputasyon at kayamanan, ang pagpapatayan—kailan ba ito matatapos? Bagama’t nakapagsalita na ang Diyos ng daang-libong mga salita, walang isa man ang natatauhan. Ang mga tao ay kumikilos para sa kapakanan ng kanilang mga pamilya, mga anak na lalaki at babae, para sa kanilang mga propesyon, inaasahan, katayuan, karangyaan, at kayamanan, para sa pagkain, damit, at sa laman. Ngunit mayroon bang sinuman na ang mga pagkilos ay talagang para sa kapakanan ng Diyos? Kahit sa gitna ng mga kumikilos para sa Diyos, kaunti lamang ang nakakakilala sa Diyos. Ilan ang hindi kumikilos para sa kapakanan ng kanilang sariling mga interes? Ilan ang hindi nang-aapi at nagtatakwil ng iba para sa pagpapanatili ng kanilang sariling katayuan? Kaya, ang Diyos ay sapilitang hinatulan na ng kamatayan nang hindi mabilang na beses, at di-mabilang na mababangis na hukom ang humatol na sa Diyos at minsan pang ipinako Siya sa krus. Gaano karami ang natatawag na matuwid dahil talagang kumikilos sila para sa kapakanan ng Diyos?

Hinango mula sa “Ang Masama ay Tiyak na Parurusahan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Napakakaswal ng ilang tao sa kanilang pamamaraan sa pakikipag-ugnay sa miyembro ng kabilang kasarian. Pakiramdam nila ay balewala lamang ito hangga’t walang nangyayari, at hindi nagpapakasasa sa mahahalay na kaisipan o naghahayag ng ilang masasamang pagkahumaling ang sinuman sa dalawa. Dapat bang magkaroon ng gayong mga saloobin ang isang taong may normal na pagkatao? Palatandaan ba ito ng normal na pagkatao? Kapag may sapat ka nang gulang upang mag-asawa at makipag-pag-ugnayan sa miyembro ng kabilang kasarian, at nais nang umibig, gawin mo ito nang normal, at walang sinumang gagambala. Ngunit hindi gusto ng ilang tao na umibig—

nakikipaglandian sila nang ilang araw sa sinumang nakatatawag ng kanilang pansin, at sa sandaling may matipuhan sila, magsisimula silang magpakitang-gilas sa pakay ng kanilang pagnanasa. At paano sila nagpapakitang-gilas? Isang nakataas na kilay, isang kindat ng mata, o pagbabago sa tono ng kanilang boses habang sila ay nagsasalita, o kaya ay kumikilos sila sa isang natatanging paraan o magsisimulang gumawa ng mga nakakatawang pahayag upang mapansin sila; ito ay pagpapakitang-gilas. Kapag ang isang tao na hindi naman karaniwang ganito ay nagpakita ng mga ganitong halatang katangian, makatitiyak kang may ilang miyembro ng kabilang kasarian sa di-kalayuan ang nakatawag ng kanilang pansin. Sino ang mga taong ito? Maaari mong sabihing hindi sila napipigil, o hindi nagtatakda ng malinaw na mga hangganan sa pagitan ng mga kalalakihan at kababaihan, ngunit hindi sila nagpapakita ng anumang kakutya-kutyang asal. Maaaring sabihin ng ilan na sadyang nagpapakahangal sila. Sa madaling salita, umaasal sila sa di-kapita-pitagang paraan; hindi nauunawaan ng mga taong hangal ang pangangailangan na igalang ang sarili. May mga taong nagpapakita ng mga ganitong katangiang sa pang-araw-araw na buhay, ngunit hindi apektado ang pagganap nila sa kanilang mga tungkulin, ni hindi nito naaapektuhan ang pagtapos sa kanilang gawain, kaya’t problema ba talaga ito? Sinasabi ng ilan: “Hangga't hindi nito hinahadlangan ang iyong paghahangad sa katotohanan, kailangan pa ba itong pag-usapan?” Ano ang maiuugnay dito? Ang kahihiyan at dignidad ng pagkatao ng isang tao. Hindi maaaring mawalan ng kahihiyan at dignidad ang pagkatao ng isang tao, at kung wala ang mga ito, hindi maaaring maging normal ang kanilang pagkatao. Ang ilang tao ay kapani-paniwala at masigasig at responsable sa lahat ng kanilang ginagawa. Masikap silang gumagawa, at may mabuting pagkatao, ngunit sadyang hindi nila sineseryoso ang aspektong ito ng kanilang buhay. Kapag nakikipaglandian ka sa isang miyembro ng kabilang kasarian, nakabubuti ba ito, o nakasasama? Paano kung ang nilalandi mo ay mahulog ang loob sa iyo? Maaari mong sabihing “Hindi iyon ang ibig ko”; ngunit, kung nakikipaglandian ka pa rin sa sinuman kahit hindi naman pala iyon ang ibig

mo, hindi mo ba pinaglalaruan ang kanilang damdamin? Pinipinsala mo sila at kumikilos ka nang walang moralidad! Ang mga taong gumagawa nito ay may mahinang pagkatao. Dagdag pa rito, kung wala kang balak na ituloy ang relasyong ito at hindi ka naman seryoso tungkol dito, ngunit itinataas mo pa rin ang iyong mga kilay at kinikindatan ang kabilang kasarian, at nagpapakitang-gilas nang may katuwaan at katatawanan, ginagawa ang lahat upang ipakitang mayroon kang estilo, na ikaw ay isang guwapong ginoo, ipinapakita ang kaguwapuhan ng iyong hitsura—kung nagpapakitang-gilas ka nang ganito, ano ba talaga ang ginagawa mo? (Nang-aakit ng mga tao.) Ngayon, ang ganitong uri ba ng mapang-akit na ugali ay marangal o kasuklam-suklam na bagay? (Ito ay isang nakasusuklam na bagay.) Dito ay sadyang wala nang anumang dignidad.

Hinango mula sa "Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (9)" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Maraming mga tao ang mas nanaisin pang maparusahan sa impiyerno kaysa sa magsalita at kumilos nang tapat. Hindi kataka-takang may iba pa Akong lunas na nakalaan para sa mga hindi tapat. Mangyari pa, ganap Kong alam kung gaano kahirap sa inyo ang maging tapat. Sapagkat matatalino kayong lahat, napakahusay sa pagtimbang sa mga tao gamit ang sarili ninyong makitid na panukat, ginagawa nitong mas payak ang gawain Ko. At yamang niyayakap sa dibdib ng bawat isa sa inyo ang mga lihim ninyo, kung sa gayon, isa-isa Ko kayong ilalagay sa kapahamakan upang "turuan" sa pamamagitan ng apoy, at nang matapos nito ay maaaring maging pirmi kayo sa paniniwala sa mga salita Ko. Sa huli, aagawin Ko mula sa mga bibig ninyo ang mga salitang "Ang Diyos ay matapat na Diyos," kung saan hahampasin ninyo ang mga dibdib ninyo at mananaghoy, "Mapanlinlang ang puso ng tao!" Ano ang magiging kalagayan ng isip ninyo sa oras na ito? Ipinagpapalagay Kong hindi kayo magiging kasing tagumpay nang tulad ninyo ngayon. At lalong hindi kayo magiging kasing "lalim at mahirap unawain" nang tulad ninyo ngayon. Sa presensiya ng Diyos, maaayos at wastong kumilos ang ilang mga tao,

pinaghihirapan nilang magkaroon ng “maayos na pag-uugali,” subalit inilalantad nila ang mga pangil nila at iwinawasiwas ang mga kuko nila sa presensiya ng Espiritu. Ibibilang ba ninyo ang ganitong mga tao sa hanay ng mga tapat? Kung isa kang ipokrito, isang taong bihasa sa “pakikipagkapwa,” sinasabi Kong isa kang tiyak na sumusubok biru-biruin ang Diyos. Kung tadtad ng mga palusot at walang halagang mga pangangatwiran ang mga salita mo, sinasabi Kong isa kang taong kinasusuklamang isagawa ang katotohanan. Kung marami kang mga nakatagong kaalamang atubili kang ibahagi, kung lubos kang tutol na ilantad ang mga lihim mo—ang mga paghihirap mo—sa harap ng iba upang hanapin ang daan ng liwanag, sinasabi Kong isang kang taong hindi madaling matatamo ang kaligtasan, at hindi madaling makakaahon mula sa kadiliman.

Hinango mula sa “Tatlong Paalaala” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Napakaganda ng pananampalataya ninyo; sinasabi ninyong handa kayong gugulin ang buong buhay ninyo sa ngalan ng gawain Ko, at na handa kayong ialay ang mga buhay ninyo para dito, ngunit hindi gaanong nagbago ang mga disposisyon ninyo. Mapagmataas lamang kayong nagsasalita, sa kabila ng katotohanang ubod ng sama ng aktuwal na pag-uugali ninyo. Ito ay para bang nasa langit ang mga dila at labi ng mga tao ngunit naroroon sa lupa ang mga binti nila, at bunga nito, gutay-gutay at wasak pa rin ang mga salita at mga gawa at mga dangal nila. Nawasak na ang mga dangal ninyo, malahayop ang ugali ninyo, ang paraan ninyo ng pagsasalita ay mababa, at kasuklam-suklam ang mga buhay ninyo; maging ang kabuuan ng pagkatao ninyo ay lumubog na sa hamak na kababaan. Makitid ang isip ninyo tungo sa iba, at nakikipagtalo kayo sa bawat maliit na bagay. Nakikipag-away kayo tungkol sa sarili ninyong mga reputasyon at katayuan, kahit na sa puntong handa kayong bumaba sa impiyerno at sa lawa ng apoy. Sapat na sa Akin ang kasalukuyang mga salita at mga gawa ninyo upang matukoy na makasalanan kayo. Ang saloobin ninyo tungo sa gawain Ko ay husto na para matukoy Ko na kayo ay mga di-matuwid, at

ang lahat ng mga disposisyon ninyo ay sapat na upang masabing kayo ay ang mga marurungis na kaluluwang puno ng mga karimarimarim na bagay. Ang mga ipinamamalas ninyo at kung ano ang ibinubunyag ninyo ay husto na upang sabihing mga tao kayong nakainom ng labis na dugo ng maruruming espiritu. Kapag nababanggit ang pagpasok sa kaharian, hindi ninyo ibinubunyag ang mga damdamin ninyo. Naniniwala ba kayong kung ano kayo ngayon ay sapat na para makalakad kayo papasok sa pultahan ng Aking kaharian ng langit? Naniniwala ba kayong makakapasok kayo sa banal na lupain ng gawain at mga salita Ko, nang hindi Ko muna nasusubok ang sarili ninyong mga salita at mga gawa? Sino ang makapagtatakip sa mga mata Ko? Paano makatatakas sa paningin Ko ang kasuklam-suklam at abang mga pag-uugali at mga pakikipag-usap ninyo? Natukoy Ko na ang mga buhay ninyo bilang mga buhay ng pag-inom ng dugo at pagkain ng laman nila na maruruming espiritu sapagkat tinutularan ninyo ang mga ito sa harapan Ko bawat araw. Sa harap Ko, masyadong masama ang pag-uugali ninyo, kaya paano Ko kayo hindi maituturing na nakasusuklam? Naglalaman ang mga salita ninyo ng mga karumihan ng maruruming espiritu: Nanlilinlang, nagkukubli, at nambobola kayo kagaya nila na nakikibahagi sa pangkukulam at kagaya nila na taksil at umiinom ng dugo ng mga hindi matuwid. Ubod ng baliko ang lahat ng mga pagpapahayag ng tao, kaya paano mailalagay ang lahat ng tao sa banal na lupain kung saan naroroon ang mga matuwid? Iniisip mo bang ituturing kang banal dahil sa kasuklam-suklam mong pag-uugali kumpara sa kanila na hindi matuwid? Sisirain kalaunan ng mala-ahas mong dila itong laman mong nagdudulot ng pagkawasak at gumagawa ng mga karimarimarim na bagay, at ang mga kamay mong iyon na nababalutan ng dugo ng maruruming espiritu ay hihilahin din kalaunan ang kaluluwa mo sa impiyerno. Kung gayon, bakit hindi ka lumulukso sa pagkakataong ito na linisin ang mga kamay mong puno ng dungis? At bakit hindi mo sinasamantala ang pagkakataong ito na putulin ang dila mong iyan na nagsasalita ng hindi matuwid na mga salita? Maaari kayang handa kang magdusa sa mga apoy ng impiyerno alang-alang sa mga kamay, dila, at

mga labi mo? Binabantayan Ko ng dalawang mata ang puso ng lahat, sapagkat matagal na panahon bago Ko pa nilikha ang sangkatauhan, nahawakan Ko na ang mga puso nila sa Aking mga kamay. Matagal Ko nang natalos ang mga puso ng mga tao, kaya paano makatatakas sa paningin Ko ang mga kaisipan nila? Paanong hindi pa masyadong huli upang makatakas sila sa pagsunog ng Espiritu Ko?

Hinango mula sa "Masyadong Hamak ang Pagkatao Ninyong Lahat!" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

109. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala Sa Pagitan ng Pagsunod sa Diyos at Pagsunod sa mga Tao

(1) Patotohanan na si Cristo ang katotohanan, ang daan, at ang buhay, at hanapin ang katotohanan sa lahat ng bagay. Tanging sa ganito lamang makakasunod sa Diyos ang tao sa halip na sa mga tao;

(2) Unawain ang kaibahan sa pagitan ng gawain ng Diyos at sa gawain ng tao, at malinaw na makita ang diwa ng tao. Tanging sa ganito lamang lubusang mapupuksa ang suliranin ng pag-idolo sa ibang tao;

(3) Pagsasaayos ng Diyos at Kanyang administratibong atas na dapat magpasakop ang tao sa pagdidilig at pagpapastol ng taong ginamit ng Banal na Espiritu. Hindi ito kaparehas ng pag-idolo o pagsunod sa isang tao;

(4) Unawain ang katotohanan ng pagkakatawang-tao, kilalanin ang banal na diwa ni Cristo, at makita ang mga pagkilos ng Diyos sa laman. Sa ganito lamang makapagpapasakop at masasamba ang praktikal na Diyos.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Alam mo ba kung ano ang ibig sabihin ng pagsunod sa Diyos? Kung walang mga pangitain, anong landas ang iyong lalakaran? Sa gawain sa kasalukuyan, kung wala kang mga pangitain, hinding-hindi ka magagawang ganap. Kanino ka ba naniniwala? Bakit ka naniniwala sa Kanya? Bakit ka sumusunod sa Kanya? Tingin mo ba ang iyong pananampalataya ay isang uri ng laro? Hinaharap mo ba ang iyong buhay

na parang isang uri ng laruan? Ang Diyos ng kasalukuyan ang pinakadakilang pangitain. Gaano karami ang alam mo tungkol sa Kanya? Gaano karami ang nakita mo na tungkol sa Kanya? Yamang nakita mo na ang Diyos ng kasalukuyan, matibay ba ang pundasyon ng iyong paniniwala sa Diyos? Sa palagay mo ba ay magtatamo ka ng kaligtasan basta't sumusunod ka sa magulong paraang ito? Palagay mo ba ay makakahuli ka ng isda sa maputik na tubig? Ganoon ba iyon kasimple? Gaano na ba karaming pagkaunawang may kinalaman sa mga salitang ipinapahayag ngayon ng Diyos ang naiwaksi mo na? May pangitain ka ba ng Diyos ng kasalukuyan? Saan nakabatay ang iyong pagkaunawa sa Diyos ng kasalukuyan? Lagi kang naniniwala na matatanggap mo Siya[a] sa pamamagitan lang ng pagsunod sa Kanya, o makita mo lang Siya, at wala nang sinuman ang makapagpapaalis sa iyo. Huwag mong akalain na napakadali lang ng pagsunod sa Diyos. Ang susi ay kailangan mo Siyang makilala, kailangan mong malaman ang gawain Niya, at kailangan mong magkaroon ng kagustuhang magtiis ng paghihirap alang-alang sa Kanya, isakripisyo ang iyong buhay para sa Kanya, at magawa Niyang perpekto. Ito ang pangitain na dapat mong taglay. Hindi maaari na laging nakatuon lang ang isip mo sa pagtatamasa ng biyaya. Huwag mong ipagpalagay na narito ang Diyos para lang sa kasiyahan ng mga tao, o upang magkaloob lang ng biyaya sa kanila. Magiging mali ka! Kung hindi maitataya ng isa ang kanyang buhay upang sumunod sa Kanya, at kung hindi maiiwanan ng isa ang lahat ng kanyang pag-aari sa mundo upang sumunod, tiyak na hindi nila makakayang sumunod hanggang sa huli! Kailangang mga pangitain ang iyong pundasyon. Kung isang araw ay dumating sa iyo ang kasawian, ano ang dapat mong gawin? Magagawa mo pa rin bang sumunod sa Kanya? Huwag mong basta sabihin kung makakasunod ka hanggang sa huli. Mas mabuting imulat mo muna nang maigi ang iyong mga mata upang makita kung ano ang panahon ngayon. Bagaman sa kasalukuyan, maaaring kayo ay tulad ng mga haligi ng templo, darating ang isang sandali kung kailan lahat ng gayong haligi ay ngangatngatin ng mga uod, na magdudulot ng pagguho ng templo, dahil sa kasalukuyan,

napakaraming pangitain ang kulang sa inyo. Pinag-uukulan lang ninyo ng pansin ang sarili ninyong maliliit na mundo, at hindi ninyo alam kung ano ang pinakamaaasahan at pinakaangkop na paraan ng paghahanap. Hindi ninyo pinapansin ang pangitain ng gawain sa kasalukuyan, hindi rin ninyo isinasapuso ang mga bagay na ito. Naisip na ba ninyo na isang araw ilalagay kayo ng inyong Diyos sa isang lubos na di-pamilyar na lugar? Maguguni-guni ba ninyo kung anong mangyayari sa inyo isang araw kung kailan maaari Kong agawin ang lahat sa inyo? Magiging pareho ba ang kalakasan ninyo sa araw na iyon sa ngayon? Muli bang lilitaw ang inyong pananampalataya? Sa pagsunod sa Diyos, kailangan ninyong malaman itong pinakadakilang pangitain na ang "Diyos": Ito ang pinakamahalagang usapin.

Hinango mula sa "Kailangan Ninyong Maunawaan ang Gawain—Huwag Kayong Sumunod Nang May Pagkalito!" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang pinakamahalaga sa pagsunod sa Diyos ay na dapat alinsunod ang lahat sa mga salita ng Diyos ngayon: Maging ikaw man ay naghahangad ng pagpasok sa buhay o ng katuparan ng kalooban ng Diyos, ang lahat ay dapat nakasentro sa mga salita ng Diyos ngayon. Kung ang iyong pakikipagniig at hinahangad ay hindi nakasentro sa mga salita ng Diyos ngayon, isa kang estranghero sa mga salita ng Diyos, at ganap na nawalan ng gawain ng Banal na Espiritu. Ang gusto ng Diyos ay ang mga taong sumusunod sa Kanyang mga yapak. Gaano man kahanga-hanga at kadalisay ang naunawaan mo noon, ayaw ito ng Diyos, at kung hindi mo magagawang isantabi ang gayong mga bagay, ang mga ito ay magiging napakalaking hadlang sa iyong pagpasok sa hinaharap. Lahat niyaong nagagawang sumunod sa kasalukuyang liwanag ng Banal na Espiritu ay mga pinagpala. Sinunod din ng mga tao sa mga kapanahunang lumipas ang mga yapak ng Diyos, ngunit hindi sila nakasunod hanggang sa kasalukuyan; ito ang pagpapala ng mga tao sa mga huling araw. Yaong mga nagagawang sumunod sa kasalukuyang gawain ng Banal na Espiritu, at nagagawang sumunod sa mga yapak ng Diyos, na sumusunod sa Diyos

saanman Niya sila akayin—ito ang mga tao na pinagpala ng Diyos. Yaong mga hindi sumusunod sa kasalukuyang gawain ng Banal na Espiritu ay hindi pa nakapasok sa gawain ng mga salita ng Diyos, at gaano man sila gumawa, o gaano man katindi ang kanilang pagdurusa, o gaano man sila magparoo't parito, walang anuman dito ang may kabuluhan sa Diyos, at hindi Niya sila pupurihin. Sa ngayon, lahat niyaong sumusunod sa kasalukuyang mga salita ng Diyos ay nasa daloy ng Banal na Espiritu; yaong mga estranghero sa mga salita ng Diyos ngayon ay nasa labas ng daloy ng Banal na Espiritu, at ang gayong mga tao ay hindi pupurihin ng Diyos.

Hinango mula sa "Alamin ang Pinakabagong Gawain ng Diyos at Sumunod sa Kanyang mga Yapak" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ano mismo ang paniniwala sa Diyos? Ang paniniwala ba sa relihiyon ay katumbas ng paniniwala sa Diyos? Kapag naniniwala ang mga tao sa relihiyon, sinusundan nila si Satanas. Sa paniniwala lamang sa Diyos nila nasusunod ang Diyos, at tanging ang mga sumusunod kay Cristo ang tunay na naniniwala sa Diyos. Ang isang tao bang hindi tatanggapin kailanman ang mga salita ng Diyos bilang kanilang buhay ay isang taong naniniwala sa Diyos? Wala itong gamit, kahit pa ilang taon na silang naniwala sa Diyos. Ang isang taong laging gumagawa ng mga ritwal na pangrelihiyon sa kanilang pananampalataya ngunit hindi nagsasabuhay ng katotohanan ay hindi isang mananampalataya ng Diyos, at hindi siya kinikilala ng Diyos. Sa anong basehan ka kinikilala ng Diyos? Ang Kanyang pagkilala sa iyo ay ayon sa kung ginagawa mo ang lahat ng bagay na ayon sa Kanyang mga hinihingi. Ang Kanyang pagkilala ay iginagawad ayon sa Kanyang mga salita, hindi ayon sa kung gaano karaming mga pagbabago ang mayroon sa iyong panlabas na pag-uugali, o sa kung gaano karami ang oras ang ginugugol mo sa pagsunod para sa Kanya, kundi sa landas na nilakaran mo, at kung pinagsusumikapan mong makamit ang katotohanan. Marami ang nagsasabi na naniniwala sila sa Diyos at nagwiwika ng mga salita ng papuri sa Diyos—ngunit, sa kanilang mga

puso, hindi nila iniibig ang mga salitang winiwika ng Diyos, ni hindi rin sila interesado sa katotohanan. Sa kanilang mga puso ay palagi nilang pinaniniwalaan na magiging normal lamang sila, at magagawang protektahan ang kanilang sarili, kung mamumuhay sila sa mga pilosopiya ni Satanas at iba pang mga doktrina ng mundo sa labas, na ang ganitong pamumuhay lamang ang magbibigay ng halaga sa kanilang mga buhay sa mundong ito. Ganito ba ang taong naniniwala sa Diyos at sumusunod sa Kanya? Ang lahat ng kasabihan ng mga kilala at dakilang tao ay talagang masasabing pilosopikal at partikular na may kakayahang makapanlinlang ng mga tao. Kung ituturing mo ang mga ito bilang katotohanan at susundin ang mga ito bilang mga kasabihan, ngunit, pagdating sa mga salita ng Diyos, sa pinakakaraniwang mga salita ng Diyos, na humihiling na maging tapat kang tao, na manatili kang masigasig sa kalagayang inilaan sa iyo at isakatuparan ang tungkulin ng isang nilikha, at manatili kang matatag—wala kang kakayahang maisagawa ang mga ito, at hindi mo itinuturing ang mga ito na katotohanan, kung gayon ay hindi ka tagasunod ng Diyos. Maaaring sinasabi mong isinagawa mo ang mga salita Niya, ngunit paano kung pilitin ka ng Diyos na magsabi ng katotohanan at itanong Niya ang mga ito: “Ano ang iyong isinagawa? Sino ang nagwika ng mga salita na iyong isinasagawa? Ano ang batayan ng mga prinsipyong iyong sinusunod?” Kung ang batayang iyon ay hindi ang mga salita ng Diyos, kung gayon ito ay mga salita ni Satanas; ang iyong isinasabuhay ay mga salita ni Satanas, ngunit sinasabi mo pa ring ginagawa mo ang katotohanan at ang nagbibigay-kasiyahan sa Diyos, hindi ba ito paglapastangan sa Kanya? Sinasabi ng Diyos na dapat maging tapat ang mga tao, ngunit mayroong mga hindi nag-iisip nang mabuti kung ano ang nakapaloob sa pagiging tapat, paano nila dapat isagawa ang katapatan, o alin sa mga bagay na isinasabuhay at ibinubunyag nila ang hindi tapat, at alin sa mga ito ang tapat. Hindi nila pinagmumunihan ang katuturan ng katotohanan sa mga salita ng Diyos, ngunit nakahahanap ng libro ng mga hindi mananampalataya, at, kapag nabasa ito, sinasabi nila, “Ang mga ito ay mabubuting salita—mas mainam pa kaysa sa sinabi ng Diyos. ‘Ang mga

tapat na tao ay laging mamamayani'—hindi ba iyan katulad sa sinabi ng Diyos? Ito rin ang katotohanan!" Kaya sumusunod sila sa mga salitang ito. Ano ang isinasabuhay nila kapag sumusunod sila sa mga salitang ito? Nagagawa ba nilang isabuhay ang realidad ng katotohanan? Marami bang ganyang mga tao? Nagkakamit sila ng kaunting kaalaman, nagbabasa ng ilang libro, at nagkakamit ng maliit na kabatiran, at nakaririnig sila ng ilang kilalang kawikaan o tanyag na kasabihan at itinuturing ang mga ito bilang katotohanan. Kumikilos sila ayon sa mga salitang ito, at ginagamit ang mga ito sa kanilang mga tungkulin at sa kanilang mga buhay ng paniniwala sa Diyos, at iniisip pa nga nila na nagbibigay-kasiyahan ito sa Kanya. Hindi ba ito pandaraya? Hindi ba ito panlilinlang? Ito ay kalapastanganan! Marami nito sa mga tao. Sumusunod sila sa mga masarap pakinggan at tila wastong doktrina ng mga tao na para bang ang mga ito ang katotohanan. Isinasantabi nila ang mga salita ng Diyos at hindi dinirinig ang mga ito, at, kahit ilang beses nilang basahin ang mga ito, hindi nila isinasapuso ang mga ito o itinuturing ang mga ito na katotohanan. Ang gumagawa ba nito ay isang taong naniniwala sa Diyos? Sumusunod ba sila sa Diyos? Ang ganyang tao ay naniniwala sa relihiyon; sinusunod nila si Satanas! Sa puso nila, iniisip nila na may pilosopiya sa mga salitang winiwika ni Satanas, na ang mga salitang ito ay may malalim na kahulugan, na ang mga ito ay mga banal na kasulatan, matalinong mga kasabihan, at, ano pa man ang kanilang itakwil, hindi nila magagawang isantabi ang mga salitang ito. Ang paggawa nito, para sa kanila, ay parang pagkawala ng kanilang buhay, o pagdukot sa kanilang puso. Anong uri ito ng tao? Ito ay taong sumusunod kay Satanas.

Hinango mula sa "Ang Paniniwala sa Relihiyon ay Hindi Kailanman Hahantong sa Kaligtasan" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kapag wala silang mga problema, kapag lahat ay maayos ang takbo sa kanila, nararamdaman ng karamihan sa mga tao na makapangyarihan ang Diyos, at matuwid, at kaibig-ibig. Kapag sinusubok sila ng Diyos, pinakikitunguhan sila, itinutuwid sila, at dinidisiplina sila, kapag hinihiling

Niya sa kanila na isantabi ang kanilang mga pansariling interes, na talikuran ang katawang-tao at isagawa ang katotohanan, kapag may gawain ang Diyos sa kanila, at isinasaayos at pinamumunuan ang kanilang mga kapalaran at buhay, nagiging suwail sila, at ihinihiwalay ang kanilang mga sarili sa Diyos; lumilikha sila ng sigalot at malawak na pagkakalayo sa pagitan nila at ng Diyos. Sa ganoong mga panahon, sa kanilang mga puso, ang Diyos ay hindi kaibig-ibig nang kahit kaunti; Siya ay hindi talaga makapangyarihan, dahil ang ginagawa Niya ay hindi nakatutupad ng kanilang mga hiling. Pinalulungkot sila ng Diyos; inaaburido Niya sila; nagdadala Siya ng sakit at dusa sa kanila; ipinadarama Niya sa kanila ang kawalang-katatagan. Kung kaya hindi man lang sila nagpapasakop sa Diyos, sa halip ay naghihimagsik laban sa Kanya at nilalayuan Siya. Isinasabuhay ba nila ang katotohanan sa paggawa nito? Sinusundan ba nila ang daan ng Diyos? Sinusunod ba nila ang Diyos? Hindi. Kung kaya, gaano man karami ang iyong mga kuro-kuro at guni-guni tungkol sa mga gawain ng Diyos, at gaano ka man dating kumilos ayon sa iyong sariling kalooban at naghimagsik laban sa Diyos, kung lubos mong sinisikap na makamit ang katotohanan, at tatanggapin ang paghatol at pagkastigo ng mga salita ng Diyos, at tanggapin ang matabasan at mapakitunguhan ng mga salita ng Diyos; kung, sa lahat ng isinasaayos Niya ay nagagawa mong sundan ang daan ng Diyos, sundin ang mga salita ng Diyos, hangarin ang Kanyang kalooban, magsagawa ayon sa Kanyang mga salita at kalooban, nagagawang maghanap para magpasakop, at kayang isantabi ang lahat ng iyong sariling kalooban, mga naisin, mga pagsasaalang-alang, mga pampasigasig, at pagsalungat sa Diyos—doon mo lamang masasabi na sumusunod ka sa Diyos! Sinasabi mong sinusunod mo ang Diyos, ngunit lahat ng ginagawa mo, ginagawa mo ayon sa sarili mong kalooban. Sa lahat ng ginagawa mo, mayroon kang sariling mga layunin, sarili mong mga plano; hindi mo ito iniaasa sa Diyos. Kung gayon, ang Diyos pa rin ba ang iyong Diyos? Kung ang Diyos ay hindi mo Diyos, kung gayon, kapag sinasabi mong sumusunod ka sa Diyos, hindi ba ito mga walang lamang salita? Ang mga ganitong salita ba ay hindi pagtatangkang manloko ng

tao? Sinasabi mong sumusunod ka sa Diyos, ngunit ang lahat ng iyong mga kilos at pag-uugali, iyong pananaw sa buhay, iyong mga pagpapahalaga, at asal at mga prinsipyo na ginagamit mo sa pagharap at pagdadala sa mga bagay ay nanggaling lahat kay Satanas—ang pagdadala mo sa lahat ng ito ay lubos na nakaayon sa mga prinsipyo at lohika ni Satanas. Kung gayon, sinusunod mo ba ang Diyos?

… Ang pinakasimpleng paraan para mailarawan ang paniniwala sa Diyos ay ang magtiwalang mayroong Diyos, at, sa pundasyong ito, ang sundan Siya, sundin Siya, tanggapin ang Kanyang kapamahalaan, mga pagsasaayos, at mga paghahanda, pakikinig sa Kanyang mga salita, pamumuhay ayon sa Kanyang mga salita, paggawa ng lahat ayon sa Kanyang mga salita, pagiging isang totoong nilikha, at natatakot sa Kanya at nilalayuan ang kasamaan; tanging ito lamang ang totoong paniniwala sa Diyos. Ito ang ibig sabihin ng pagsunod sa Diyos. Sinasabi mong sinusunod mo ang Diyos, ngunit, sa iyong puso, hindi mo tinatanggap ang mga salita ng Diyos, at hindi mo tinatanggap ang Kanyang kapamahalaan, mga pagsasaayos, at mga paghahanda. Kung lagi kang may mga kuro-kuro kung ano ang ginagawa ng Diyos, at palaging mali ang pagkaintindi mo sa mga ginagawa Niya, at nagrereklamo tungkol dito; kung palagi kang hindi nasisiyahan, at palagi mong sinusukat at inuunawa ang ginagawa Niya gamit ang sarili mong mga kuro-kuro at mga haka-haka; kung palagi kang may mga sariling pagkakaunawa—makapagdudulot ito ng problema. Hindi mo nararanasan ang gawain ng Diyos, at wala kang paraan para tunay na masunod Siya. Hindi ganito ang paniniwala sa Diyos.

Hinango mula sa “Ang Paniniwala sa Relihiyon ay Hindi Kailanman Hahantong sa Kaligtasan” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sinundan ni Pedro si Jesus nang ilang taon at maraming nakita sa Kanya na wala sa ibang tao. Matapos Siyang sundan nang isang taon, pinili ni Jesus si Pedro mula sa labindalawang alagad. (Siyempre, hindi ito sinabi nang malakas ni Jesus, at ni hindi iyon alam ng iba.) Sa buhay, sinukat ni Pedro ang kanyang sarili ayon sa lahat ng ginawa ni Jesus. Higit

sa lahat, ang mga mensaheng ipinangaral ni Jesus ay nakaukit sa kanyang puso. Lubos siyang naging dedikado at tapat kay Jesus, at hindi siya kailanman nagsabi ng anumang mga hinaing laban sa Kanya. Dahil doon, naging tapat na kasama siya ni Jesus saanman Siya nagpunta. Inobserbahan ni Pedro ang mga turo ni Jesus, ang mahinahon Niyang mga salita, kung ano ang kinakain Niya, ang Kanyang pananamit, ang Kanyang tirahan, at kung paano Siya maglakbay. Tinularan niya si Jesus sa lahat ng aspeto. Hindi siya kailanman naging mapagmagaling, kundi iwinaksi niya ang lahat ng lipas na, na sinusunod ang halimbawa ni Jesus kapwa sa salita at gawa. Noon nadama ni Pedro na ang kalangitan at lupa at lahat ng bagay ay nasa mga kamay ng Makapangyarihan sa lahat at na, dahil dito, wala siyang pansariling pasiya. Natutuhan din ni Pedro ang lahat ng tungkol kay Jesus at ginamit iyon bilang halimbawa. Ipinapakita ng buhay ni Jesus na hindi Siya mapagmagaling sa Kanyang ginagawa; sa halip na ipagmalaki ang Kanyang sarili, pinukaw Niya ang mga tao sa pamamagitan ng pagmamahal. Ipinakita ng iba't-ibang bagay kung ano si Jesus, at dahil dito, tinularan ni Pedro ang lahat ng tungkol sa Kanya.

Hinango mula sa "Tungkol sa Buhay ni Pedro" ng Mga Pakahulugan sa mga Hiwaga ng mga Salita ng Diyos sa Buong Sansinukob sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

1. Hindi dapat ipagmalaki ng tao ang kanyang sarili, ni itaas ang kanyang sarili. Dapat niyang sambahin at dakilain ang Diyos.

……

7. Sa gawain at mga usapin ng iglesia, bukod pa sa pagsunod sa Diyos, dapat mong sundin ang mga tagubilin ng tao na ginagamit ng Banal na Espiritu sa lahat ng bagay. Kahit ang pinakamaliit na pagsuway ay hindi katanggap-tanggap. Kailangan mong maging ganap sa iyong pagsunod, at huwag mong suriin ang tama o mali; anuman ang tama o mali ay walang kinalaman sa iyo. Ganap na pagsunod lamang ang iyong dapat alalahanin.

8. Ang mga taong nananalig sa Diyos ay dapat sumunod sa Diyos at sumamba sa Kanya. Huwag mong dakilain o tingalain ang sinumang tao; huwag mong unahin ang Diyos, ipangalawa ang mga tao na iyong

tinitingala, at ipangatlo ang iyong sarili. Walang sinumang dapat magkaroon ng lugar sa iyong puso, at hindi mo dapat isaalang-alang ang mga tao—lalo na ang iyong mga iginagalang—na kapareho ng Diyos, na Kanyang kapantay. Hindi ito katanggap-tanggap para sa Diyos.

Hinango mula sa "Ang Sampung Atas Administratibo na Dapat Sundin ng Hinirang na Bayan ng Diyos sa Kapanahunan ng Kaharian" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Masdan mo lang ang mga pinuno ng bawat denominasyon—lahat sila'y mapagmataas at mapagmalinis, at binibigyang-kahulugan nila ang Biblia nang wala sa konteksto at ayon sa kanilang sariling imahinasyon. Lahat sila'y umaasa sa mga kaloob at pag-aaral sa paggawa ng kanilang gawain. Kung sila'y walang kakayahang mangaral ng anuman, susunod ba sa kanila ang mga taong iyon? Sila, kung sa bagay, ay nagtataglay ng kaunting kaalaman, at makakapangaral ng ilang doktrina, o alam kung paano makaakit ng iba at paano gumamit ng ilang pagkukunwari. Ginagamit nila ang mga ito para dalhin ang mga tao sa harapan nila at linlangin sila. Sa pangalan, ang mga taong iyon ay naniniwala sa Diyos, nguni't sa realidad sinusunod nila ang kanilang mga pinuno. Kung nakakatagpo sila ng sinumang nangangaral ng tunay na daan, ang ilan sa kanila'y nagsasabing, "Kailangang konsultahin namin ang aming pinuno tungkol sa aming pananampalataya." Ang kanilang pananampalataya ay dapat dumaan sa isang tao; hindi ba problema iyan? Nagiging ano na kung gayon ang mga pinunong iyan? Hindi ba sila nagiging mga Fariseo, huwad na mga pastol, mga anticristo, at mga katitisuran sa pagtanggap ng mga tao sa tunay na daan? Ang mga ganyang tao ay kaparehong uri ni Pablo. …

Sa paniniwala ng mga tao sa Diyos, dati man silang sumusunod sa iba o hindi nila tinupad ang kalooban ng Diyos, sa bandang huli ay dapat silang humarap sa Diyos sa huling yugtong ito. Kung mayroon kang saligan ng pagdaan sa yugtong ito ng gawain, subalit ikaw ay patuloy na sumusunod sa iba, kung gayon hindi ka mapapatawad, at magtatapos na tulad lamang ni Pablo.

Hinango mula sa “Tanging ang Paghahabol sa Katotohanan ang Tunay na Paniniwala sa Diyos” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Hindi nagagalak sa katotohanan ang ilang tao, lalo na sa paghatol. Sa halip, nagagalak sila sa kapangyarihan at mga kayamanan; ang mga taong ganoon ay tinatawag na mga mapaghanap ng kapangyarihan. Hinahanap lamang nila ang mga denominasyon sa mundo na may impluwensya at hinahanap lamang nila ang mga pastor at mga gurong galing sa mga seminaryo. Bagaman tinanggap na nila ang daan ng katotohanan, hindi sila lubos na naniniwala; wala silang kakayahang ibigay ang lahat ng mga puso at mga isip nila, ang mga bibig nila ay nagsasalita ng paggugol ng mga sarili nila para sa Diyos, ngunit ang kanilang mga mata ay nakatuon sa dakilang mga pastor at mga guro, at hindi nila binibigyan si Cristo ng karagdagang pansin. Nakatuon ang kanilang mga puso sa katanyagan, kayamanan, at karangalan. Hindi sila naniniwalang ang isang ganoon kaliit na tao ay may kakayahang lupigin ang napakarami, na ang isang hindi kapansin-pansin ay mapeperpekto ang tao. Iniisip nilang imposibleng ang mga hamak na kasama ng alikabok at mga tambak ng dumi ay ang mga taong hinirang ng Diyos. Naniniwala silang kung ang mga tulad ng mga taong ito ang mga layon ng pagliligtas ng Diyos, ang langit at lupa ay mababaliktad, at ang lahat ng tao ay tatawa nang tatawa. Naniniwala silang kung pinili ng Diyos ang gayong mga hamak upang perpektuhin, kung gayon ang yaong mga dakilang taong iyon ay magiging Diyos Mismo. Ang mga pananaw nila ay nadungisan ng kawalan ng paniniwala; higit pa sa hindi paniniwala, sila ay kakatuwang mga hayop lamang. Sapagkat pinahahalagahan lamang nila ang katayuan, katanyagan, at kapangyarihan, at pinahahalagahan lamang nila ang malalaking grupo at denominasyon. Wala silang ni katiting na pagmamalasakit para sa yaong mga inakay ni Cristo; sila ay mga taksil lamang na tumalikod kay Cristo, sa katotohanan, at sa buhay.

Hindi ang pagpapakumbaba ni Cristo ang hinahangaan mo, kundi ang mga huwad na pastol na may bantog na katayuan. Hindi mo gusto ang

pagiging kaibig-ibig o ang karunungan ni Cristo, kundi iyong mahahalay na nakalublob sa karumihan ng mundo. Tinatawanan mo ang pasakit ni Cristo na walang lugar na mapaghihigan ng Kanyang ulo, ngunit hinahangaan mo ang mga bangkay na nangangaso ng mga alay at namumuhay sa kabuktutan. Hindi ka handang magdusa sa tabi ni Cristo, ngunit masayang inihahagis ang sarili sa mga bisig ng mga walang habas na mga anticristo, kahit na tinutustusan ka lamang nila ng laman, mga salita, at kontrol. Kahit ngayon, bumabaling pa rin sa kanila ang puso mo, tungo sa kanilang reputasyon, sa kanilang katayuan, sa kanilang impluwensya. Gayunpaman patuloy kang nagtataglay ng saloobin kung saan nahihirapan kang lunukin ang gawain ni Cristo at mabigat sa kalooban mong tanggapin ito. Ito ang dahilan kung bakit sinasabi Kong kulang ka sa pananampalataya upang kilalanin si Cristo. Ang dahilan kung bakit ka sumunod sa Kanya hanggang ngayon ay dahil lamang wala kang ibang pagpipilian. Nangingibabaw sa puso mo magpakailanman ang isang serye ng matatayog na imahe; hindi mo makakalimutan ang kanilang bawat salita at gawa, ni ang kanilang maimpluwensiyang mga salita at mga kamay. Sila ay, sa mga puso ninyo, kataas-taasan at mga bayani magpakailanman. Ngunit hindi ganito para sa Cristo ng kasalukuyan. Wala Siyang halaga sa puso mo magpakailanman, at di-karapat-dapat sa paggalang magpakailanman. Sapagkat napaka-karaniwan Niya, may lubhang napakaliit na impluwensya, at malayo sa pagiging napakatayog.

Magkagayunman, sinasabi Kong ang lahat ng hindi nagpapahalaga sa katotohanan ay mga di-mananampalataya at mga taksil sa katotohanan. Ang mga ganoong tao ay hindi kailanman makatatanggap ng pag-ayon ni Cristo. Napagtanto mo na ba ngayon kung gaano kalaki ang kawalan ng paniniwalang nasa kalooban mo, at kung gaano kalaki ang pagtataksil kay Cristo na mayroon ka? Ikaw ay Aking pinapayuhan nang gayon: Dahil napili mo na ang daan ng katotohanan, dapat mong ilaan ang sarili mo nang buong puso; huwag maging salawahan o mahina ang loob. Dapat mong maunawaang ang Diyos ay hindi nabibilang sa mundo o sa sino mang tao, kundi sa lahat ng totoong nananampalataya sa Kanya, sa lahat

ng sumasamba sa Kanya, at sa lahat ng nakatuon at tapat sa Kanya.

Hinango mula sa “Isa Ka bang Tunay na Mananampalataya sa Diyos?” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

May ilang tao na madalas malinlang ng mga tao na sa tingin ay mukhang espirituwal, marangal, matayog, at dakila. Tungkol naman sa mga taong mahusay magsalita tungkol sa mga titik at doktrina, at ang pananalita at mga kilos ay tila karapat-dapat sa paghanga, yaong mga nalilinlang ng mga ito ay hindi natingnan kailanman ang diwa ng kanilang mga kilos, ang mga prinsipyo sa likod ng kanilang mga gawa, o kung ano ang kanilang mga layunin. Bukod pa riyan, hindi nila natingnan kailanman kung tunay na nagpapasakop sa Diyos ang mga taong ito, ni hindi nila natukoy kailanman kung tunay na may takot sa Diyos ang mga taong ito o wala at umiiwas sila sa kasamaan o hindi. Hindi nila nahiwatigan kailanman ang diwa ng pagkatao ng mga taong ito. Sa halip, simula sa unang hakbang ng pagkilala sa kanila, unti-unti, natutuhan na nilang hangaan at igalang ang mga taong ito, at sa huli, naging mga idolo nila ang mga taong ito. Bukod pa riyan, sa isipan ng ilang tao, ang mga idolong sinasamba nila—at pinaniniwalaan nila na kayang iwan ang kanilang pamilya at trabaho, at tila paimbabaw na nagagawang magsakripisyo—ang mga tunay na nagpapalugod sa Diyos at talagang magtatamo ng magandang kahihinatnan at hantungan. Sa kanilang isipan, ang mga idolong ito ang mga taong pinupuri ng Diyos. Ano ang nagiging dahilan para maniwala sila sa gayong bagay? Ano ang diwa ng isyung ito? Ano ang mga bungang kahahantungan nito? Talakayin muna natin ang diwa nito.

Ang mahalaga, ang mga isyung ito tungkol sa mga pananaw ng mga tao, ang kanilang mga pamamaraan ng pagsasagawa, aling mga prinsipyo ng pagsasagawa ang pinipili nilang gamitin, at ano ang gusto nilang pagtuunan ay walang kinalaman sa mga hinihingi ng Diyos sa sangkatauhan. Nakatutok man ang mga tao sa mababababaw o malalalim na bagay, o sa mga titik at doktrina o realidad, hindi sila sumusunod doon sa pinaka-nararapat nilang sundin, ni hindi nila alam yaong bagay na pinaka-

nararapat nilang malaman. Ito ay dahil sa ni ayaw man lamang ng mga tao sa katotohanan; sa gayon, ayaw nilang gumugol ng panahon at pagsisikap sa paghahanap at pagsasagawa ng mga prinsipyo ng pagsasagawa na matatagpuan sa mga pagbigkas ng Diyos. Sa halip, mas gusto nilang gumamit ng mas madaling paraan, na ibinubuod ang nauunawaan at nalalaman nilang mahusay na pagsasagawa at mabuting pag-uugali; ang buod na ito kung gayon ang nagiging sarili nilang layuning pagsisikapang matupad, na itinuturing nilang katotohanang isasagawa. Ang tuwirang resulta nito ay na gumagamit ang mga tao ng mabuting pag-uugali bilang kapalit ng pagsasagawa ng katotohanan, na tumutupad din sa hangarin nilang makahingi ng pabor sa Diyos. Binibigyan sila nito ng puhunang magagamit para labanan ang katotohanan, na ginagamit din nila para mangatwiran at makipaglaban sa Diyos. Kasabay nito, walang-takot na isinasantabi rin ng mga tao ang Diyos, at ipinapalit ang mga idolong hinahangaan nila sa puso nila. Iisa lamang ang ugat na dahilan kaya nagiging gayon kamangmang ang mga kilos at pananaw ng mga tao, o isang panig lamang ang mga opinyon at gawi nila—at ngayon ay sasabihin Ko sa inyo ang tungkol dito: Ang dahilan nito ay na, bagama't maaaring sinusunod ng mga tao ang Diyos, nagdarasal sila sa Kanya araw-araw, at binabasa nila ang Kanyang mga pagbigkas araw-araw, hindi nila talaga nauunawaan ang kalooban ng Diyos. Narito ang ugat ng problema. Kung may nakaunawa sa puso ng Diyos, at nakaalam kung ano ang gusto Niya, ano ang kinasusuklaman Niya, ano ang nais Niya, ano ang inaayawan Niya, anong klaseng tao ang minamahal Niya, anong klaseng tao ang inaayawan Niya, anong klaseng pamantayan ang ginagamit Niya kapag may hinihiling Siya sa mga tao, at anong klaseng pamamaraan ang ginagamit Niya para gawin silang perpekto, maaari pa rin kayang magkaroon ang taong iyon ng sarili nilang mga opinyon? Maaari kayang basta humayo ang mga tao at sambahin nila ang ibang tao? Maaari kayang maging idolo nila ang isang ordinaryong tao? Ang mga taong nakauunawa sa kalooban ng Diyos ay magtataglay ng kaunti pang makatwirang pananaw kaysa riyan. Hindi nila basta sasambahin ang isang taong

natiwali, ni hindi sila maniniwala, habang tumatahak sa landas ng pagsasagawa ng katotohanan, na ang pikit-matang pagsunod sa isang simpleng panuntunan o mga prinsipyo ay katumbas ng pagsasagawa ng katotohanan.

Hinango mula sa "Paano Malalaman ang Disposisyon ng Diyos at ang mga Resultang Makakamtan ng Kanyang Gawain" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Gaano man karami ang mga taong naniniwala sa Diyos, sa sandaling ang paniniwala nila'y itinuturing ng Diyos bilang relihiyon o grupo, kung gayon nalaman na ng Diyos na hindi sila maliligtas. Bakit Ko sinasabi ito? Sa isang pangkat o grupo ng mga taong walang gawain at paggabay ng Diyos at kahit paano'y hindi sumasamba sa Kanya, sinong sinasamba nila? Sino ang sinusunod nila? Sa anyo at sa pangalan, sinusunod nila ang isang tao, ngunit sino ba totoong sinusunod nila? Sa kanilang mga puso kinikilala nila ang Diyos, ngunit ang totoo, sila'y sumasailalim sa pagmamanipula, plano at pagkontrol ng tao. Sumusunod sila kay Satanas, ang diyablo; sumusunod sila sa mga puwersang lumalaban sa Diyos, na mga kaaway ng Diyos. Maililigtas ba ng Diyos ang kawan ng mga taong tulad nito? (Hindi.) Bakit? Nakakapagsisi ba sila? Hindi. Iwinawagayway nila ang bandila ng pananampalataya, isinasagawa ang mga pakikipagsapalaran ng tao, pinatatakbo ang sarili nilang pamamahala, at sila'y sumasalungat sa plano ng pamamahala ng Diyos para sa kaligtasan ng sangkatauhan. Ang kanilang pangwakas na kalalabasan ay pagiging kinasusuklaman at itinatakwil ng Diyos; hindi posibleng mailigtas ng Diyos ang mga taong ito, hindi posibleng magsisi sila, nabihag na sila ni Satanas—sila'y lubusang nasa kamay ni Satanas. Sa iyong pananampalataya, mahalaga ba kung gaano karaming taon ka nang naniniwala sa Diyos sa kung nakatanggap ka ba ng papuri o hindi mula sa Kanya? Mahalaga ba ang mga ritwal at regulasyon na sinusunod mo? Tinitingnan ba ng Diyos ang mga pamamaraan ng mga tao sa pagsasagawa? Tinitingnan ba Niya kung gaano karaming tao ang naroroon? Pumili Siya ng isang bahagi ng sangkatauhan; paano Niya

sinusukat kung maililigtas ba at dapat ba silang iligtas? Ibinabatay Niya ang pasyang ito sa mga landas na tinatahak ng mga taong ito. Sa Kapanahunan ng Biyaya, bagaman ang mga katotohanang sinabi ng Diyos sa mga tao ay hindi gaanong napakarami kaysa sa ngayon, at hindi ganoon katukoy, nagawa pa rin Niyang gawing perpekto ang mga tao sa panahong iyon, at naging posible pa rin ang kaligtasan. Kaya para sa mga tao ng panahong ito, sino ang nakarinig sa maraming katotohanan, at nakaunawa sa kalooban ng Diyos, kung hindi nila kayang sumunod sa daan ng Diyos at hindi nila kayang lumakad sa landas ng kaligtasan, ano ang kanilang pangwakas na kalalabasan? Ang kanilang pangwakas na kalalabasan ay matutulad doon sa mga naniniwala sa Kristiyanismo at Judaismo; walang magiging pagkakaiba. Ito ang matuwid na disposisyon ng Diyos! Hindi alintana kung gaano karaming sermon ang napakinggan mo na, at kung gaano karaming katotohanan ang naunawaan mo na, kung sa kasukdulan sinusunod mo pa rin ang mga tao at sinusunod si Satanas, at sa kasukdulan, hindi mo pa rin kayang sumunod sa daan ng Diyos at hindi kayang matakot sa Diyos at layuan ang kasamaan, kung gayon ang mga taong tulad nito ay kasusuklaman at itatakwil ng Diyos. Sa tingin ng lahat, ang mga taong ito na kinasusuklaman at itinatakwil ng Diyos ay makakapagsalita ng marami tungkol sa mga titik at doktrina, naunawaan ang maraming katotohanan, subalit hindi nila kayang sumamba sa Diyos; hindi nila kayang matakot sa Diyos at lumayo sa kasamaan, at hindi nila kayang lubos na sundin ang Diyos. Sa paningin ng Diyos, itinuturing sila ng Diyos bilang isang relihiyon, bilang isa lamang grupo ng mga tao, isang barkada ng mga tao, at bilang isang bahay-tuluyan para kay Satanas. Sama-sama silang itinuturing bilang ang pangkat ni Satanas, at sila'y lubusang kinamumuhian ng Diyos.

Hinango mula sa "Tanging Kapag Namumuhay Ka sa Harapan ng Diyos sa Lahat ng Sandali Makalalakad Ka sa Landas ng Kaligtasan" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang pinakamabuting gawin ng mga taong nagsasabi na sumusunod sila sa Diyos ay imulat ang kanilang mga mata at tumingin nang husto

upang makita kung sino talaga ang pinaniniwalaan nila: Ang Diyos ba talaga ang pinaniniwalaan mo, o si Satanas? Kung alam mo na hindi ang Diyos ang pinaniniwalaan mo, kundi ang sarili mong mga idolo, ang pinakamabuting gawin ay huwag mong sabihin na isa kang mananampalataya. Kung talagang hindi mo alam kung sino ang iyong pinaniniwalaan, muli, ang pinakamabuting gawin ay huwag mong sabihin na isa kang mananampalataya. Ang pagsasabi niyon ay kalapastanganan! Walang sinumang pumipilit sa iyo na maniwala sa Diyos. Huwag ninyong sabihing naniniwala kayo sa Akin; sawa na Ako sa ganyang pananalita, at ayaw ko nang marinig iyong muli, dahil ang pinaniniwalaan ninyo ay ang mga idolo sa inyong puso at ang lokal na mga maton sa inyo. Lahat ng umiiling kapag naririnig nila ang katotohanan, na ngumingisi kapag nakakarinig sila tungkol sa kamatayan, ay mga supling ni Satanas, at sila yaong aalisin. Marami sa iglesia ang hindi makaintindi. Kapag may nangyaring isang bagay na mapanlinlang, bigla silang pumapanig kay Satanas; nasasaktan pa sila kapag tinawag silang mga utusan ni Satanas. Bagama't maaaring sabihin ng mga tao na hindi sila makaintindi, lagi silang nasa panig na walang katotohanan, hindi sila pumapanig sa katotohanan kailanman sa kritikal na panahon, hindi sila tumatayo at nakikipagtalo kailanman para sa katotohanan. Hindi ba talaga sila makaintindi? Bakit bigla silang pumapanig kay Satanas? Bakit hindi sila nagsasabi kailanman ng isang salitang makatarungan o makatwiran para suportahan ang katotohanan? Talaga bang nangyari ang sitwasyong ito dahil sa panandalian nilang kalituhan? Kapag mas bahagyang makaintindi ang mga tao, mas hindi nila nagagawang pumanig sa katotohanan. Ano ang ipinapakita nito? Hindi ba nito ipinapakita na gustung-gusto ng mga taong hindi makaintindi ang kasamaan? Hindi ba nito ipinapakita na sila ay matatapat na supling ni Satanas? Bakit ba palagi nilang nagagawang pumanig kay Satanas at magsalitang kagaya nito? Bawat salita at gawa nila, na nakapahayag sa kanilang mukha, ay sapat na lahat upang patunayan na hindi sila mga taong nagmamahal sa katotohanan; sa halip, sila ay mga taong namumuhi sa katotohanan. Sapat nang kaya nilang

pumanig kay Satanas upang patunayan na talagang mahal ni Satanas ang walang-kuwentang mga diyablong ito na ginugugol ang kanilang buhay sa pakikipaglaban para sa kapakanan ni Satanas. Hindi ba napakalinaw ng lahat ng katotohanang ito? Kung talagang isa kang taong nagmamahal sa katotohanan, bakit wala kang malasakit sa mga nagsasagawa ng katotohanan, at bakit ka sumusunod kaagad sa mga hindi nagsasagawa ng katotohanan kapag tiningnan ka nila nang bahagya? Anong klaseng problema ito? Wala Akong pakialam kung nakakaintindi ka o hindi. Wala Akong pakialam kung malaki ang naisakripisyo mo. Wala Akong pakialam kung malakas ang mga puwersa mo, at wala Akong pakialam kung isa kang lokal na maton o isang lider na tagadala ng bandila. Kung malakas ang mga puwersa mo, dahil lamang iyon sa tulong ng lakas ni Satanas. Kung mataas ang pagkakilala sa iyo, dahil lamang iyon sa napakarami sa paligid mo ang hindi nagsasagawa ng katotohanan. Kung hindi ka pa natitiwalag, dahil iyon sa hindi pa panahon para sa gawain ng pagtitiwalag; sa halip, ito ang panahon para sa gawain ng pag-aalis. Hindi kailangang magmadaling itiwalag ka ngayon. Naghihintay lamang Ako sa pagdating ng araw na iyon na maparusahan kita kapag naalis ka na. Sinumang hindi nagsasagawa ng katotohanan ay maaalis!

Hinango mula sa “Isang Babala sa mga Hindi Nagsasagawa ng Katotohanan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Talababa:

a. Wala sa orihinal na teksto ang salitang “Siya.”

110. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa Pagitan ng Tunay at Huwad na mga Iglesia

(1) Tukuyin kung gumagawa ang Banal na Espiritu sa buhay ng isang iglesia; kung kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos ang kongregasyon nito at tunay na nagsasalamuha sa katotohanan; at kung nagbubunga ito ng praktikal na epekto o hindi;

(2) Tukuyin kung iniibig at itinataguyod ng mga pinuno ng iglesia ang

katotohanan; kung nagtataglay ba sila ng gawain ng Banal na Espiritu; at kung tunay nilang nauunawaan ang katotohanan at naisasagawa ang mga ito;

(3) Tukuyin kung tunay na ang katotohanan ang naghahari sa iglesia, o mga masasamang tao; at kung mga tagapagtaguyod ng katotohanan ang naghahari roon, o mga masasamang tao at mga basagulero;

(4) Tanging ang kapulungan lamang ng mga tao na nagtataguyod sa katotohanan at nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu ang kwalipikado bilang isang iglesia; isang lugar ng relihiyon ang lugar na pinagtitipunan ng mga masasama at magugulong tao, hindi isang iglesia.

Mga Talata ng Biblia para Sanggunian:

“Muling sinasabi ko sa inyo, na kung pagkasunduan ng dalawa sa inyo sa lupa ang nauukol sa anomang bagay na kanilang hihingin, ay gagawin sa kanila ng aking Ama na nasa langit. Sapagka't kung saan nagkakatipon ang dalawa o tatlo sa aking pangalan, ay naroroon ako sa gitna nila” (Mateo 18:19–20).

“At pumasok si Jesus sa templo ng Dios, at itinaboy niya ang lahat na nangagbibili at nangamimili sa templo, at ginulo niya ang mga dulang ng mga mamamalit ng salapi, at ang mga upuan ng mga nagbibili ng mga kalapati; At sinabi niya sa kanila, Nasusulat, Ang aking bahay ay tatawaging bahay-panalanginan, datapuwa’t ginagawa ninyong yungib ng mga tulisan” (Mateo 21:12–13).

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Sa bawat yugto ng gawain ng Diyos mayroon ding katumbas na mga kinakailangan sa tao. Lahat niyaong nasa loob ng agos ng Banal na Espiritu ay nagtataglay ng presensiya at disiplina ng Banal na Espiritu, at yaong mga wala sa loob ng agos ng Banal na Espiritu ay nasa ilalim ng pamumuno ni Satanas, at walang anumang gawain ng Banal na Espiritu. Ang mga tao na nasa agos ng Banal na Espiritu ay yaong mga tumatanggap sa bagong gawain ng Diyos, at nakikipagtulungan sa bagong gawain ng Diyos. Kung yaong mga nasa loob ng agos na ito ay walang

kakayahang makipagtulungan, at walang kakayahang isagawa ang katotohanan na kinakailangan ng Diyos sa panahong ito, kung gayon sila ay didisiplinahin, at ang pinakamalala ay tatalikuran ng Banal na Espiritu. Yaong mga tumatanggap sa bagong gawain ng Banal na Espiritu, ay mamumuhay sa loob ng agos ng Banal na Espiritu, at tatanggapin nila ang pangangalaga at pag-iingat ng Banal na Espiritu. Yaong mga handang isagawa ang katotohanan ay nililiwanagan ng Banal na Espiritu, at yaong mga hindi handa na isagawa ang katotohanan ay dinidisiplina ng Banal na Espiritu, at maaari pang maparusahan. Hindi alintana kung anong uri ng tao sila, basta't sila ay nasa loob ng agos ng Banal na Espiritu, pananagutan ng Diyos ang lahat ng tumatanggap sa bagong gawain Niya para sa kapakanan ng Kanyang pangalan. Ang mga lumuluwalhati sa Kanyang pangalan at handang isagawa ang mga salita Niya ay makakatanggap ng Kanyang mga pagpapala; ang mga hindi sumusunod sa Kanya at hindi nagsasagawa ng Kanyang mga salita ay makakatanggap ng Kanyang kaparusahan. Ang mga tao na nasa agos ng Banal na Espiritu ay ang mga tumatanggap sa bagong gawain, at yamang natanggap na nila ang bagong gawain, sila ay nararapat na angkop na makipagtulungan sa Diyos, at hindi dapat kumilos na parang mga suwail na hindi ginagampanan ang kanilang tungkulin. Ito ang tanging kinakailangan ng Diyos sa tao. Hindi ganoon para sa mga taong hindi tumatanggap sa bagong gawain: Sila ay nasa labas ng agos ng Banal na Espiritu, at ang disiplina at paninisi ng Banal na Espiritu ay hindi para sa kanila. Buong araw, ang mga taong ito ay namumuhay sa loob ng laman, sila ay namumuhay sa loob ng kanilang mga isipan, at ang lahat ng ginagawa nila ay ayon sa doktrinang bunga ng paghihimay at pananaliksik ng kanilang sariling mga utak. Hindi ito ang hinihingi ng bagong gawain ng Banal na Espiritu, at lalong hindi ito pakikipagtulungan sa Diyos. Yaong mga hindi tumatanggap sa bagong gawain ng Diyos ay walang presensiya ng Diyos, at, higit sa lahat, salat sa mga pagpapala at pag-iingat ng Diyos. Ang karamihan sa kanilang mga salita at mga pagkilos ay nakaayon sa mga nakalipas na mga kinakailangan ng gawain ng Banal na Espiritu; ang mga

ito ay doktrina, hindi katotohanan. Ang gayong doktrina at alituntunin ay sapat na upang patunayan na ang pagtitipon ng mga taong ito ay walang iba kundi relihiyon; hindi sila ang mga hinirang, o ang mga pinag-uukulan ng gawain ng Diyos. Ang pagtitipon nilang lahat na magkakasama ay matatawag lamang na maringal na kongreso ng relihiyon, at hindi matatawag na iglesia. Ito ay isang katunayan na hindi mababago. Wala sa kanila ang bagong gawain ng Banal na Espiritu; ang kanilang ginagawa ay tila samyo-ng-relihiyon, ang kanilang isinasabuhay ay tila sagana sa relihiyon; hindi sila nagtataglay ng presensiya at gawain ng Banal na Espiritu, lalo nang hindi sila karapat-dapat na tumanggap ng disiplina o kaliwanagan ng Banal na Espiritu. Lahat ng taong ito ay mga walang-buhay na bangkay, at mga uod na walang pagka-espirituwal. Wala silang kaalaman sa pagka-mapanghimagsik at paglaban ng tao, walang kaalaman sa lahat ng masasamang gawa ng tao, lalong wala silang kaalaman sa lahat ng gawain ng Diyos at kasalukuyang kalooban ng Diyos. Lahat sila ay walang alam, mababababang tao, at sila ay mga hamak na hindi nararapat tawaging mananampalataya! Wala sa kanilang mga ginagawa ang may kinalaman sa pamamahala ng Diyos, lalong hindi nito masisira ang mga plano ng Diyos. Ang mga salita at pagkilos nila ay nakasusuklam, nakakaawa, at talagang hindi karapat-dapat banggitin. Wala sa anumang ginawa niyaong mga wala sa agos ng Banal na Espiritu ang may anumang kinalaman sa bagong gawain ng Banal na Espiritu. Dahil dito, kahit na ano ang kanilang gawin, sila ay walang disiplina ng Banal na Espiritu, at, higit sa lahat, walang kaliwanagan ng Banal na Espiritu. Dahil lahat sila ay mga taong walang pag-ibig para sa katotohanan, at sila ay kinamuhian at natanggihan na ng Banal na Espiritu. Sila ay tinatawag na makasalanan dahil sila ay lumalakad sa laman at ginagawa kung ano ang kanilang nais sa ilalim ng karatula ng Diyos. Habang gumagawa ang Diyos, sila ay sadyang palaban sa Kanya, at tumatakbo sa kasalungat na patutunguhan sa Kanya. Ang hindi pakikipagtulungan ng tao sa Diyos ay sukdulang mapanghimagsik sa ganang sarili, kaya’t hindi ba ang mga taong sadyang sumasalungat sa Diyos ay partikular na tinatanggap nila ang nararapat na

kaparusahan?

Hinango mula sa “Ang Gawain ng Diyos at ang Pagsasagawa ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ano ang tawag ng Diyos sa mga naniwala kay Jehova? Judaismo. Naging isang uri sila ng relihiyosong grupo. At paano naman tinatawag ng Diyos ang mga naniniwala kay Jesus? (Kristiyanismo.) Sa paningin ng Diyos, relihiyosong grupo ang Judaismo at Kristiyanismo. Bakit ganoon itinuturing ng Diyos ang mga ito? Sa lahat ng kasapi ng mga relihiyosong samahang ito na itinuturing na ganoon ng Diyos, mayroon bang kahit sino na natatakot sa Diyos at nilalayuan ang kasamaan, gumagawa ng kalooban ng Diyos, at sumusunod sa daan ng Diyos? (Wala.) Kaya nakikita ba ninyo, sa paningin ng Diyos, kung ang mga sumusunod sa Diyos sa pangalan lamang ay pawang mga taong kinikilala Niya bilang mga mananampalataya sa Diyos? Sa paningin ng Diyos, may ugnayan ba silang lahat sa Diyos? (Wala.) Maaari kayang lahat sila’y layon ng pagliligtas ng Diyos? (Hindi.) Kaya darating ba ang araw na kayo ay ibababa sa itinuturing ng Diyos na relihiyosong grupo? (Posible.) Ibaba sa isang relihiyosong grupo, parang mahirap paniwalaan. Kung mapabilang ang mga tao sa isang relihiyosong grupo sa paningin ng Diyos, ililigtas ba Niya sila? Kasama ba sila sa sambahayan ng Diyos? (Hindi.) Kaya pag-isipan ninyo at subuking ibuod: Ang mga taong ito na hindi kasama sa sambahayan ng Diyos, na naniniwala lamang sa tunay na Diyos sa pangalan ngunit pinaniniwalaan ng Diyos na kabahagi ng isang relihiyosong grupo—anong landas ang nilalakaran nila? Masasabi kaya na ang mga taong ito’y lumalakad sa landas ng pagwawagayway sa bandila ng pananampalataya nang hindi kailanman sinusunod ang daan Niya, ng pananalig sa Diyos ngunit hindi sumasamba sa Kanya kailanman, at sa halip ay tinatalikuran Siya? Ibig sabihin, lumalakad sila sa landas ng paniniwala sa Diyos ngunit hindi sumusunod sa landas ng Diyos; ang kanilang landas ay yaong sila ay naniniwala sa Diyos ngunit sumasamba kay Satanas, sinasamba nila ang diyablo, sinisikap nilang isagawa ang

kanilang sariling pamamahala, at sinusubukang itatag ang sarili nilang kaharian. Ito ba ang diwa nito? Ang mga tao bang tulad nito ay may anumang ugnayan sa plano ng pamamahala ng Diyos para sa kaligtasan ng tao? (Wala.) Gaano man karami ang mga taong naniniwala sa Diyos, sa sandaling ang paniniwala nila'y itinuturing ng Diyos bilang relihiyon o grupo, kung gayon nalaman na ng Diyos na hindi sila maliligtas. Bakit Ko sinasabi ito? Sa isang pangkat o grupo ng mga taong walang gawain at paggabay ng Diyos at kahit paano'y hindi sumasamba sa Kanya, sinong sinasamba nila? Sino ang sinusunod nila? Sa anyo at sa pangalan, sinusunod nila ang isang tao, ngunit sino ba totoong sinusunod nila? Sa kanilang mga puso kinikilala nila ang Diyos, ngunit ang totoo, sila'y sumasailalim sa pagmamanipula, plano at pagkontrol ng tao. Sumusunod sila kay Satanas, ang diyablo; sumusunod sila sa mga puwersang lumalaban sa Diyos, na mga kaaway ng Diyos. Maililigtas ba ng Diyos ang kawan ng mga taong tulad nito? (Hindi.) Bakit? Nakakapagsisi ba sila? Hindi. Iwinawagayway nila ang bandila ng pananampalataya, isinasagawa ang mga pakikipagsapalaran ng tao, pinatatakbo ang sarili nilang pamamahala, at sila'y sumasalungat sa plano ng pamamahala ng Diyos para sa kaligtasan ng sangkatauhan. Ang kanilang pangwakas na kalalabasan ay pagiging kinasusuklaman at itinatakwil ng Diyos; hindi posibleng mailigtas ng Diyos ang mga taong ito, hindi posibleng magsisi sila, nabihag na sila ni Satanas—sila'y lubusang nasa kamay ni Satanas. Sa iyong pananampalataya, mahalaga ba kung gaano karaming taon ka nang naniniwala sa Diyos sa kung nakatanggap ka ba ng papuri o hindi mula sa Kanya? Mahalaga ba ang mga ritwal at regulasyon na sinusunod mo? Tinitingnan ba ng Diyos ang mga pamamaraan ng mga tao sa pagsasagawa? Tinitingnan ba Niya kung gaano karaming tao ang naroroon? Pumili Siya ng isang bahagi ng sangkatauhan; paano Niya sinusukat kung maililigtas ba at dapat ba silang iligtas? Ibinabatay Niya ang pasyang ito sa mga landas na tinatahak ng mga taong ito. Sa Kapanahunan ng Biyaya, bagaman ang mga katotohanang sinabi ng Diyos sa mga tao ay hindi gaanong napakarami kaysa sa ngayon, at hindi

ganoon katukoy, nagawa pa rin Niyang gawing perpekto ang mga tao sa panahong iyon, at naging posible pa rin ang kaligtasan. Kaya para sa mga tao ng panahong ito, sino ang nakarinig sa maraming katotohanan, at nakaunawa sa kalooban ng Diyos, kung hindi nila kayang sumunod sa daan ng Diyos at hindi nila kayang lumakad sa landas ng kaligtasan, ano ang kanilang pangwakas na kalalabasan? Ang kanilang pangwakas na kalalabasan ay matutulad doon sa mga naniniwala sa Kristiyanismo at Judaismo; walang magiging pagkakaiba. Ito ang matuwid na disposisyon ng Diyos! Hindi alintana kung gaano karaming sermon ang napakinggan mo na, at kung gaano karaming katotohanan ang naunawaan mo na, kung sa kasukdulan sinusunod mo pa rin ang mga tao at sinusunod si Satanas, at sa kasukdulan, hindi mo pa rin kayang sumunod sa daan ng Diyos at hindi kayang matakot sa Diyos at layuan ang kasamaan, kung gayon ang mga taong tulad nito ay kasusuklaman at itatakwil ng Diyos. Sa tingin ng lahat, ang mga taong ito na kinasusuklaman at itinatakwil ng Diyos ay makakapagsalita ng marami tungkol sa mga titik at doktrina, naunawaan ang maraming katotohanan, subalit hindi nila kayang sumamba sa Diyos; hindi nila kayang matakot sa Diyos at lumayo sa kasamaan, at hindi nila kayang lubos na sundin ang Diyos. Sa paningin ng Diyos, itinuturing sila ng Diyos bilang isang relihiyon, bilang isa lamang grupo ng mga tao, isang barkada ng mga tao, at bilang isang bahay-tuluyan para kay Satanas. Sama-sama silang itinuturing bilang ang pangkat ni Satanas, at sila'y lubusang kinamumuhian ng Diyos.

Hinango mula sa "Tanging Kapag Namumuhay Ka sa Harapan ng Diyos sa Lahat ng Sandali Makalalakad Ka sa Landas ng Kaligtasan" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Hindi maaaring tawaging iglesia ang anumang iglesiang pinangungunahan ng mga anticristo, at mauunawaan ito ng sinumang nakaranas nito. Walang payapa, masaya, masiglang kapaligiran; sa halip, nangingibabaw ang kaguluhan, kung saan ang puso ng bawat isa ay labis na naliligalig ng pakiramdam ng pagkabalisa at pagkabagabag, at mayroon silang pangamba, na para bang may magaganap na malaking sakuna.

Maaaring maghatid ng isang uri ng pakiramdam ang mga pananalita at pagkilos ng mga anticristo, pinalalabo ang mga puso ng mga tao, at ginagawa silang walang kakayahang makita ang kaibhan sa pagitan ng positibo at negatibong mga bagay. Dagdag pa rito, kapag matagal nang nililinlang ng mga anticristo ang mga tao, lalong lumalayo sa Diyos ang mga puso nila, at hindi na normal ang kanilang ugnayan sa Diyos, na tila ba nabubuhay sila sa loob ng relihiyon. Mayroon ding isang praktikal na suliranin; ito ay ang paglitaw ng mga pagkakabaha-bahagi sa iglesia, at ang lahat ng nagmamahal sa katotohanan ay hindi natutuwang magpulong doon o nagkakamit ng paglaya, at nais nilang umalis sa iglesia at magdaos ng sarili nilang mga pagpupulong. Kung gumagawa ang Banal na Espiritu sa isang iglesia, nauunawaan man ng mga tao ang katotohanan o hindi, nagtutulungan ang lahat sa paggawa patungo sa iisang layunin, at mapayapa, matibay, at hindi nagugulo ang kapaligiran. Gayunpaman, sa sandaling kumilos ang mga anticristo, nagiging magulo at kakatwa ang kapaligiran. Saan man sila nanggugulo, nagkakaroon ng mga maliliit na grupo; binabantayan ng mga tao ang isa’t isa, hinahatulan ang isa’t isa, sinasalakay ang isa’t isa, at sinisiraan ang isa’t isa sa kanilang likuran. Anong papel ang maliwanag na ginagampanan ng mga anticristo rito? Ang papel nila ay bilang mga kampon ni Satanas. Ang mga kinahihinatnan ng pagkilos ng mga anticristo: Ang isa’y hinahatulan ng mga kapatid ang isa’t isa, pinaghihinalaan ang isa’t isa, at binabantayan ang isa’t isa; dagdag pa rito, wala nang kahit anong hangganan sa pagitan ng mga lalaki at mga babae, at unti-unti silang naglalapit; ang isa pa’y lumalabo ang mga pangitain sa mga puso ng mga tao, at hindi na sila nakatuon sa pagsasagawa ng katotohanan, at ni hindi na rin nila nalalaman kung paano gumawa alinsunod sa mga katotohanang prinsipyo. Nawala na ang ilang bagay na dati’y nauunawaan nila, lumabo ang kanilang mga kaisipan, at bulag silang sumusunod sa mga anticristo, nakatuon sa panlabas na pagpapakita at pagkaabala. Nararamdaman ng ilang tao na ang pagsunod sa mga anticristo ay talagang paglalakad sa isang lansangan na walang labasan, at nararamdaman nila kung gaano magiging kasiya-siya kung ang

lahat ng mga naghahangad sa katotohanan ay magkita-kita at gagampanan ang kanilang tungkulin. Kapag inaagaw ng mga anticristo ang kapangyarihan, hindi na gumagawa ang Banal na Espiritu, at nahuhulog sa kadiliman sa kanilang kalooban ang mga kapatid, at hindi na sila nauudyukan na manampalataya sa Diyos o gampanan ang kanilang tungkulin. Kung magpapatuloy ito nang matagal, hindi ba sila itatakwil ng Diyos?

Hinango mula sa "Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (4)" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Bawat iglesia ay may mga taong nagsasanhi ng kaguluhan para sa iglesia o nakikialam sa gawain ng Diyos. Lahat sila ay mga Satanas na nakapasok sa bahay ng Diyos nang nakabalatkayo. Ang gayong mga tao ay mahusay umakto: Humaharap sila sa Akin nang may malaking pagpipitagan, nakayuko at kumakayod, umaasal na parang mga asong galisin, at inilalaan ang kanilang "lahat-lahat" para makamtan ang sarili nilang mga layunin—ngunit sa harap ng mga kapatid, ipinapakita nila ang kanilang pangit na panig. Kapag nakakakita sila ng mga taong nagsasagawa ng katotohanan, pinipintasan nila ang mga ito at itinutulak sa isang tabi; kapag nakakakita sila ng mga taong mas nakakatakot kaysa sa kanila, pinupuri at binobola nila ang mga ito. Nagwawala sila sa loob ng iglesia. Masasabi na ang gayong "lokal na mga maton," ang gayong "mga sipsip," ay umiiral sa karamihan ng mga iglesia. Sama-sama silang kumikilos nang malademonyo, nagpapahatid ng mga kindat at lihim na senyas sa isa't isa, at walang isa man sa kanila ang nagsasagawa ng katotohanan. Sino man ang may pinakamakamandag na lason ay siyang "punong demonyo," at sino man ang may pinakamataas na karangalan ay namumuno sa kanila, at iwinawagayway ang kanilang bandila. Naghuhuramentado ang mga taong ito sa loob ng iglesia, nagkakalat ng kanilang pagkanegatibo, bumubulalas ng kamatayan, ginagawa ang gusto nila, sinasabi ang gusto nila, at walang sinumang nangangahas na pigilan sila. Puno sila ng disposisyon ni Satanas. Katatapos pa lamang nilang

manggulo ay pumapasok na ang simoy ng kamatayan sa iglesia. Yaong mga nasa iglesia na nagsasagawa ng katotohanan ay pinalalayas, na hindi ginagawa ang lahat, samantalang yaong mga nanggugulo sa iglesia at nagkakalat ng kamatayan ay nagwawala sa loob—bukod pa riyan, karamihan sa mga tao ay sumusunod sa kanila. Ang gayong mga iglesia ay pinamumunuan ni Satanas, walang duda; ang diyablo ang kanilang hari. Kung ang mga nagtitipon ay hindi tumatayo at tumatanggi sa mga punong demonyo, sila rin sa malao't madali ay mawawasak. Mula ngayon, kailangang gumawa ng mga hakbang laban sa gayong mga iglesia. Kung hindi ito hahangarin ng mga may kakayahang magsagawa ng kaunting katotohanan, bubuwagin ang iglesiang iyon. Kung walang sinuman sa isang iglesia ang handang magsagawa ng katotohanan at walang sinumang maaaring tumayong saksi para sa Diyos, dapat ay ihiwalay nang lubusan ang iglesiang iyon, at kailangang putilin ang mga koneksyon nito sa ibang mga iglesia. Tinatawag itong "paglilibing sa kamatayan"; ito ang ibig sabihin ng palayasin si Satanas. Kung may ilang lokal na maton sa isang iglesia, at sinusundan sila ng "maliliit na langaw" na lubos na hindi makaintindi, at kung ang mga nagtitipon, kahit nakita na nila ang katotohanan, ay wala pa ring kakayahang tanggihan ang mga gapos at manipulasyon ng mga maton na ito, lahat ng hangal na iyon ay aalisin sa huli. Maaaring walang nagawang kakila-kilabot ang maliliit na langaw na ito, ngunit mas mapanlinlang pa sila, mas tuso at mahusay umiwas, at lahat ng kagaya nito ay aalisin. Wala ni isang matitira! Yaong mga nabibilang kay Satanas ay ibabalik kay Satanas, samantalang yaong nabibilang sa Diyos ay tiyak na hahanapin ang katotohanan; ipinapasiya ito ng kanilang likas na pagkatao. Hayaang mapahamak ang lahat ng sumusunod kay Satanas! Walang habag na ipapakita sa gayong mga tao. Hayaan yaong mga naghahanap sa katotohanan na masustentuhan, at nawa'y masiyahan sila sa salita ng Diyos hangga't gusto nila. Ang Diyos ay matuwid; hindi Siya magpapakita ng paboritismo kaninuman. Kung ikaw ay isang diyablo, wala kang kakayahang magsagawa ng katotohanan; kung ikaw ay isang taong naghahanap sa katotohanan, tiyak na hindi ka

mabibihag ni Satanas. Walang kaduda-duda iyan.

Hinango mula sa “Isang Babala sa mga Hindi Nagsasagawa ng Katotohanan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Ano ang isang iglesia? Ang isang iglesia ay binubuo ng mga taong tunay na sumasampalataya sa Diyos at naghahanap sa katotohanan. Ang mga taong ito ay magkakasamang kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, sumasamba sa Kanya, ginagampanan ang kanilang mga tungkulin, at dinaranas ang Kanyang gawain at tinatamo ang gawain ng Banal na Espiritu. Ito ang tanging uri ng lugar na maaaring tawaging isang simbahan. Ang masasama ay hindi kabilang sa isang iglesia. Kung magtitipon ang isang grupo ng mga taong hindi naghahanap sa katotohanan o gumagawa ng anuman upang isagawa ito, hindi ito magiging isang iglesia. Magiging anong uri ng lugar kaya ito? Ito ay magiging isang relihiyosong lugar lamang, o maaari itong tawaging isang kuyog. Kaya, kapag sinusuri mo ang isang iglesia, kailangan mo munang tignan kung anong uri ng mga tao mayroon ito. Pangalawa, kailangan mong tignan kung mayroon ba o wala silang gawain ng Banal na Espiritu; kung ang kanilang pagtitipon ay walang gawain ng Banal na Espiritu, hindi ito isang iglesia, at kung ito ay hindi isang pagtitipon ng mga naghahangad ng katotohanan, ito’y hindi isang iglesia. Kung walang sinuman sa iglesia ang tunay na naghahangad ng katotohanan, at talagang walang gawain ng Banal na Espiritu, kung mayroong isang tao dito na handang hangarin ang katotohanan, at sila’y nanatili sa naturang iglesia, maaari bang mailigtas ang taong iyon? Hindi sila maaaring maligtas, at dapat nilang iwan ang magugulong taong iyon at maghanap sila agad ng iglesia. Kung, sa loob ng iglesia, mayroong tatlo o limang tao na naghahangad ng katotohanan, at 30 o 50 magugulong tao, iyong tatlo o limang tao na tunay na naniniwala sa Diyos at hinahangad ang katotohanan ay dapat magsama-sama; kung sila’y magsasama-sama, ang kanilang pagtitipon ay isa pa ring iglesia, isang iglesia na may pinakakaunting miyembro, ngunit dalisay. Anuman

ang simbahang iyong dinadaluhan, dapat mong obserbahan kung aling mga tao sa loob nito ang tunay na nagsasanggalang sa gawain ng Diyos, ang kayang tumanggap ng pamumuno at pagpapastol ng taong ginagamit ng Banal na Espiritu, at yaong mga naghahanap sa katotohanan at ginagampanan ang kanilang mga tungkulin nang lubos na alinsunod sa mga salita ng Diyos at sa mga pagsasaayos ng gawain ng Itaas. Ito ang mga uri ng taong naghahanap sa katotohanan, nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu, at naiintindihan ang ilang katotohanang realidad; sila ay mga taong tunay na itinakda at pinili ng Diyos. Magkakaroon ka lang ng buhay iglesia kapag hinanap mo ang mga ganitong tao at nakipagtipon sa kanila. Kung, kapag naganap ang panloob na paghihirap o tumama ang mga sakuna, wala ka ni isang tao sa iyong tabi na tunay na naghahanap sa katotohanan na makakatipon, ikaw ay mapapahamak at mahihirapang panindigan ang iyong pagpapatotoo. Sa gayon, kailangan mong hanapin ang uri ng mga taong taos-pusong sumasampalataya sa Diyos at tunay na itinakda at pinili Niya, at makipagtipon sa kanila—magkasamang namumuhay sa buhay iglesia, kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, nagdarasal, kumakanta ng mga himno, kumakanta ng mga papuri—noon mo lang matatamo ang pagliliwanag at pagpapalinaw ng Banal na Espiritu. Kahit na hindi ganoon karami ang mga miyembro—marahil ay kahit isang dakot lamang—magiging isang iglesia pa rin ito. Kung ang isang kongregasyon ay walang miyembrong naghahanap sa katotohanan o nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu, kung gayon, kahit gaano karami pa ang dumalo, hindi pa rin ito isang iglesia. Sa gayon, ang malaman ang kahulugan ng isang iglesia ang susi. Ito ang iyong panuntunan. Kapag tumama ang mga sakuna o naganap ang mga panloob na paghihirap, dapat kang makipagtipon sa mga taong naghahanap sa katotohanan at nagtataglay ng pagliliwanag at pagpapalinaw ng Banal na Espiritu; noon ka lamang magkakaroon ng buhay iglesia.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

Ang isang tunay na iglesia ay binubuo ng hinirang na mga tao ng

Diyos. Ito ay binubuo ng mga taong tunay na sumasampalataya sa Diyos, naghahanap sa katotohanan, at nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu. Ang mga taong ito, kapag nagtipon-tipon ay kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos at naliwanagan at nailawan ng Banal na Espiritu, at mula sa kanilang pagsasalamuha, ang lahat ay makakahanap ng kasiyahan, gantimpala, at kumpirmasyon ng Banal na Espiritu. Ganito ang isang tunay na simbahan. Ang ilang tao, na kay Satanas na diyablo at yaong mga itinapon at inalis ng mga taong hinirang ng Diyos, ay nagpupulong at palaging magkakasamang nangungusap ng mabababaw na salita at doktrina, nang hindi nagtataglay ng kahit katiting na gawain ng Banal na Espiritu. Ang mga ito ay mga huwad na iglesia; ang mga ganitong kongregasyon ay mga kuyog lamang. Dapat nating matutuhang tukuyin nang eksakto kung aling mga iglesia ang huwad. Una sa lahat, dapat nating matukoy na ang isang iglesia ay lubos na walang gawain ng Banal na Espiritu rito, na ang ibinabahagi sa mga pagpupulong ay walang nilalaman kundi mabababaw na salita at doktrina, na ang lahat ng mga paliwanag nito sa mga salita ng Diyos ay kabulaanan, na walang sinuman ang nakapangungusap tungkol sa anumang totoong kaalaman, at na walang sinuman ang nakakadama ng anumang kasiyahan. Pangalawa, ang mga lider ng isang iglesia ay hindi mga taong naghahanap sa katotohanan, ni nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu, at walang sinumang tunay na nakauunawa sa katotohanan at nagdidilig at nagsususstento sa mga taong hinirang ng Diyos. Natutukoy nito na hindi taglay ng iglesiang ito ang gawain ng Banal na Espiritu. Pangatlo, ang buong iglesia ay pangunahing napasailalim ng kontrol ng isang grupo ng masasamang tao at pinangingibabawan ng mga taong hindi nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu, at ang mga kasapi na naghahanap sa katotohanan ay pinaghihigpitan, pinipigilan, at hindi matupad nang normal ang kanilang mga tungkulin. Ang anumang kongregasyong nasa alinman sa tatlong sitwasyong ito ay isang huwad na iglesia. Ano ang nagiging sanhi ng kawalan ng gawain ng Banal na Espiritu sa isang kongregasyon? Pangunahin na nangyayari ito kapag ang mga lider mismo nito ay hindi

mga taong naghahanap sa katotohanan o nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu. Ginagawa nitong labis na nanganganib ang kongregasyon na hindi magkaroon ng kahit kaunting gawain ng Banal na Espiritu. Kung ang isang iglesia ay napailalim sa pamamahala ng mga huwad na lider at mga taong hindi nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu, at ang mga kasapi nito na nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu ay pinipigilan, pinaghihigpitan, at hindi magampanan nang normal ang kanilang mga tungkulin, kung gayon, lubos nang nawala sa kongregasyon na iyon ang gawain ng Banal na Espiritu at naging isa nang huwad na iglesia. Kung ang mga lider ng isang iglesia ay hindi nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu ngunit taos-pusong sumasampalataya sa Diyos, may mabuti-buting pagkatao, at kayang magtaguyod ng mga taong naghahanap sa katotohanan at nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu, at ilalagay sila sa mahahalagang posisyon, kung gayon ay hindi ito isang huwad na iglesia. Kung ang ilang tao sa kongregasyon na naghahanap sa katotohanan at nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu ay nagagampanan ang kanilang mga tungkulin nang normal, nakapagbabahagi ng katotohanan, at nakapagdidilig at nakapagsusustento sa mga hinirang na tao ng Diyos, kung gayon sa pagpapalawak, ang iglesia ay nagtataglay din ng gawain ng Banal na Espiritu. Sa gayon, sa pagtiyak kung ang isang iglesia ay tunay o huwad, kailangang higit pa sa pagtingin lamang sa mga lider nito ang gawin ng tao. Ang pagsasabing ang isang iglesia ay huwad sa kabuuan, batay lamang sa katotohanan na ang mga lider nito ay hindi naghahanap sa katotohanan at hindi nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu, ay magiging mali. Ang susi ay tingnan kung ang mga miyembro ng kongregasyon na naghahanap sa katotohanan at nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu ay nagagampanan ang kanilang mga tungkulin nang normal o hindi at kung sila ay pinipigilan o hindi. Kung ang mga taong ito ay pinipigilan at hindi nagagampanan ang kanilang mga tungkulin nang normal, at ang buong kongregasyon ay nasa ilalim ng kontrol ng mga tao na hindi nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu, kung gayon ay tuluyan nang nawala rito ang gawain ng Banal na

Espiritu at, sa katunayan, ay isang huwad na iglesia. Ganito nakikilala kung ang isang iglesia ay huwad o hindi.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

111. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa Maling Pananampalataya at Kabulaanan

(1) Maling pananampalataya at kabulaanan ang lahat ng hindi nagmumula sa Diyos ni sa Kanyang mga salita, at ganap na sumasalungat sa katotohanang salita ng Diyos;

(2) Mapanlinlang na maling pananampalataya at kabulaanan ang lahat ng mga ideya at mga teorya na tumatanggi sa Diyos, sa katotohanang salita ng Diyos, at sumasalungat sa sa katotohanang salita ng Diyos;

(3) Maaaring linlangin at gawing tiwali ang sangkatauhan ng lahat na galing kay Satanas, hari ng mga diyablo, at iba't ibang masasamang espiritu, at ito ay maling pananampalataya at kabulaanan;

(4) Maling pananampalataya at kabulaanan ang anumang bagay na kabilang sa minanang kultura ng tiwaling sangkatauhan, gayundin ang kanilang pangkaisipan at pang-akademikong mga teorya na sumasalungat sa katotohanang salita ng Diyos.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Mula nang unang magkaroon ang tao ng agham panlipunan, ang isip ng tao ay naging abala sa agham at kaalaman. Ang agham at kaalaman ay naging mga kagamitan para sa pamumuno ng sangkatauhan, at doon ay wala nang sapat na puwang para sa tao upang sambahin ang Diyos, at walang kanais-nais na mga kondisyon para sa pagsamba sa Diyos. Ang posisyon ng Diyos ay lumubog nang lalo pang mas mababa sa puso ng tao. Kung wala ang Diyos sa kanyang puso, ang panloob na mundo ng tao ay madilim, walang pag-asa, at walang kabuluhan. Dahil dito, lumitaw ang maraming panlipunang siyentipiko, mananalaysay, at mga pulitiko upang magpahayag ng mga teorya ng agham panlipunan, teorya ng ebolusyon ng tao, at iba pang mga teorya na sumasalungat sa katotohanan na nilikha ng

Diyos ang tao upang punuin ang puso at isip ng tao. At sa ganitong paraan, ang mga naniniwala na ang Diyos ang lumikha ng lahat ng bagay ay lalo pang nangaunti, at ang mga naniniwala sa teorya ng ebolusyon ay lalo pang dumami ang bilang. Parami nang parami ang mga tao na itinuturing ang mga talaan ng gawain ng Diyos at Kanyang mga salita sa kapanahunan ng Lumang Tipan bilang mga alamat at mga kathang-isip. Sa kanilang mga puso, ang mga tao ay nagwalang-bahala sa karangalan at kadakilaan ng Diyos, sa doktrina na ang Diyos ay umiiral at namamahala sa lahat ng bagay. Ang pagpapanatili ng sangkatauhan at ang kapalaran ng mga bayan at mga bansa ay hindi na mahalaga sa kanila. Nakatira ang tao sa isang walang kabuluhang mundo na ang iniintindi lamang ay pagkain, pag-inom, at ang paghahangad ng kasiyahan. … Iilang tao lang ang umaako sa paghanap kung saan kumikilos ngayon ang Diyos, o naghahanap kung paano Niya pinamumunuan at inaayos ang hantungan ng tao. At sa ganitong paraan, nang hindi namamalayan ng tao, ang sibilisasyon ng tao ay lalo pang nawawalan ng kakayahang tugunan ang mga kagustuhan ng tao, at maraming tao pa nga ang nakararamdam na, sa pamumuhay sa ganitong mundo, sila ay hindi gaanong masaya kung ihahambing sa mga taong yumao na. Maging ang mga tao ng mga dating napakaunlad na sibilisadong bayan ay nagpapahayag ng mga naturang hinaing. Sapagkat kung walang patnubay ng Diyos, gaano man pakaisipin ng mga pinuno at sosyolohista na maingatan ang sibilisasyon ng tao, ito ay walang kabuluhan. Walang sinuman ang makapupuno ng kawalan sa puso ng tao, dahil walang sinuman ang maaaring maging buhay ng tao, at walang teoryang panlipunan ang maaaring magpalaya sa tao mula sa kawalan na nagpapahirap sa kanya. Agham, kaalaman, kalayaan, demokrasya, paglilibang, kaginhawahan, ang mga ito ay nagdadala lamang ng pansamantalang pahinga sa tao. Kahit na mayroong ganitong mga bagay, ang tao ay hindi maiiwasang magkasala at dumaing sa kawalang katarungan ng lipunan. Hindi mababawasan ng mga bagay na ito ang pagnanasa at hangarin ng tao na tumuklas. Sapagkat ang tao ay nilalang ng Diyos at ang walang katuturang mga sakripisyo at mga pagtuklas ng tao

ay maaari lamang humantong sa mas marami pang pagdurusa at maaari lamang maging dahilan upang ang tao ay umiral sa hindi nagbabagong kalagayan ng pagkatakot, hindi nalalaman kung paano haharapin ang kinabukasan ng sangkatauhan, o kung paano haharapin ang landas sa hinaharap. Maging ang agham at kaalaman ay katatakutan ng tao, at higit na kakatakutan ang pakiramdam ng kawalan. Sa mundong ito, ikaw man ay nakatira sa isang malayang bayan o sa isang bayan na walang mga karapatang pantao, ikaw ay ganap na walang kakayahang takasan ang kapalaran ng sangkatauhan. Ikaw man ang pinuno o ang pinamumunuan, ikaw ay ganap na walang kakayahang takasan ang pagnanais na galugarin ang kapalaran, mga hiwaga, at hantungan ng sangkatauhan. Mas lalo ka pang walang kakayahang takasan ang nakalilitong diwa ng kawalan. Ang ganitong mga pangyayari, na karaniwan sa buong sangkatauhan, ay tinatawag ng mga sosyolohista na mga di-pangkaraniwang pangyayari sa lipunan, ngunit walang dakilang taong maaaring lumitaw upang lutasin ang naturang mga problema. Ang tao, kung sabagay, ay tao, at ang posisyon at buhay ng Diyos ay hindi mapapalitan ng sinumang tao. Ang sangkatauhan ay hindi lang basta nangangailangan ng isang makatarungang lipunan kung saan lahat ng tao ay kumakain nang sapat at pantay-pantay at malaya. Ang kailangan ng sangkatauhan ay ang kaligtasan ng Diyos at ang Kanyang pagbibigay ng buhay sa kanila. Kapag natatanggap ng tao ang ibinibigay na buhay ng Diyos at ang Kanyang kaligtasan, saka lamang malulutas ang mga pangangailangan, kasabikang tumuklas, at espirituwal na kawalan ng tao. Kung ang mga tao ng isang bayan o ng isang bansa ay hindi makatatanggap ng pagliligtas at pag-aalaga ng Diyos, tatahakin ng bansa o bayang iyon ang landas tungo sa pagkawasak, patungo sa kadiliman, at lilipulin ito ng Diyos.

Hinango mula sa “Ang Diyos ang Namumuno sa Kapalaran ng Buong Sangkatauhan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang kaalaman tungkol sa sinaunang kultura ay parang balewalang ninakaw ang tao mula sa presensya ng Diyos at ipinasa siya sa hari ng

mga diyablo at sa mga inapo nito. Nadala na ng Apat na Aklat at Limang Klasiko[a] ang pag-iisip at mga pagkaintindi ng tao sa isa pang kapanahunan ng paghihimagsik, na naging sanhi upang higit pa niyang sambahin ang mga sumulat ng Aklat/Klasiko ng mga Dokumento, at bilang resulta upang lalo pang palalain ang kanyang mga pagkaintindi tungkol sa Diyos. Walang kaalam-alam ang tao, walang-awang pinalayas ng hari ng mga diyablo ang Diyos mula sa kanyang puso at pagkatapos ay tuwang-tuwang matagumpay niya mismong inokupa iyon. Mula noon, nag-angkin na ang tao ng pangit at masamang kaluluwa at ng mukha ng hari ng mga diyablo. Napuno ng poot sa Diyos ang kanyang dibdib, at lumaganap ang galit na kasamaan ng hari ng mga diyablo sa kalooban ng tao araw-araw hanggang sa lubos siyang lamunin nito. Wala na ni katiting na kalayaan ang tao at walang paraang makalaya mula sa mga bitag ng hari ng mga diyablo. Wala siyang nagawa kundi magpabihag noon mismo, sumuko at magpatirapa sa pagpapasakop sa presensya nito. Noong araw, nang bata pa ang puso't kaluluwa ng tao, itinanim doon ng hari ng mga diyablo ang binhi ng tumor ng ateismo, na nagtuturo sa kanya ng mga kamaliang gaya ng "mag-aral ng siyensya at teknolohiya; alamin ang Apat na Modernisasyon; at walang Diyos sa mundo." Hindi lamang iyan, ipinapahayag nito sa bawat pagkakataon, "Umasa tayo sa ating kasipagan para makabuo tayo ng sarili nating magandang bayan," na hinihiling sa bawat tao na maging handa mula sa pagkabata na matapat na makapaglingkod sa kanilang bansa. Dinala ang tao, nang walang kamalay-malay, sa presensya nito, kung saan walang pag-aatubiling kinamkam nito ang buong karangalan (ibig sabihin ay ang karangalang nauukol sa Diyos sa pagpigil sa buong sangkatauhan sa Kanyang mga kamay) para sa sarili nito. Hindi ito nagkaroon ng anumang kahihiyan kailanman. Bukod pa rito, hindi ito nahiyang agawin ang mga tao ng Diyos at hilahin sila pabalik sa bahay nito, kung saan tumalon ito na parang daga papunta sa ibabaw ng mesa at pinasamba ang tao rito bilang Diyos. Napakadesperado nito! Iskandaloso itong sumisigaw ng mga bagay na nakakagulat, tulad ng: "Walang Diyos sa mundo. Ang hangin ay nagmumula sa mga pagbabago

ayon sa mga batas ng kalikasan; ang ulan ay dumarating kapag sumisingaw ang tubig, na sumasalubong sa malalamig na temperatura, bumabagsak bilang mga patak sa lupa; ang lindol ay pagyanig ng ibabaw ng lupa dahil sa mga pagbabagong nangyayari dito; ang tagtuyot ay dulot ng pagkatuyo ng hangin kapag gumalaw ang pinakagitna sa ibabaw ng araw. Ang mga ito ay mga kababalaghan ng kalikasan. Nasaan, sa lahat ng ito, ang gawain ng Diyos?" Mayroon pa ngang mga sumisigaw ng mga pahayag na gaya ng sumusunod, mga bagay na hindi dapat ipahayag: "Ang tao ay nagmula sa unggoy noong unang panahon, at ang mundo ngayon ay nagmumula sa sunud-sunod na mga sinaunang lipunan na nagsimula humigit-kumulang isang bilyong taon na ang nakakaraan. Ang pag-unlad o pagbagsak ng isang bansa ay nakasalalay sa mga kamay ng mga mamamayan nito." Sa likod nito, isinasabit ito ng tao sa dingding o ipinapatong ito sa mesa upang pagpitaganan at alayan iyon. Kasabay ng pagsigaw nito ng, "Walang Diyos," itinataas nito ang sarili bilang Diyos, walang habas na itinutulak ang Diyos palabas ng mga hangganan ng lupa, samantalang nakatayo sa lugar ng Diyos at kumikilos bilang ang hari ng mga diyablo. Hindi na talaga makatwiran! …

Mula itaas hanggang ibaba at mula simula hanggang wakas, ginagambala na ni Satanas ang gawain ng Diyos at kumikilos laban sa Kanya. Lahat ng pag-uusap na ito tungkol sa "sinaunang pamanang kultura," mahalagang "kaalaman tungkol sa sinaunang kultura," "mga turo ng Taoism at Confucianism," at "Confucian classics at mga seremonyang pyudal" ay dinala na ang tao sa impiyerno. Ang mas maunlad na makabagong-panahong siyensya at teknolohiya, pati na ang lubhang maunlad na industriya, agrikultura, at pagnenegosyo ay hindi makita kahit saan. Sa halip, binibigyang-diin lamang nito ang mga ritwal na pyudal na ipinalaganap ng sinaunang "mga unggoy" upang sadyang gambalain, labanan, at lansagin ang gawain ng Diyos. Hindi lamang nito patuloy na sinaktan ang tao hanggang sa araw na ito, kundi nais pa nitong lunukin nang buo[1] ang tao. Ang paghahatid ng moral at etikal na mga turo ng pyudalismo at ang pagpapasa ng kaalaman tungkol sa sinaunang kultura

ay matagal nang nahawahan ang sangkatauhan, at ginawa silang mga diyablong malalaki at maliliit. Iilan lamang ang masayang tatanggap sa Diyos, at buong kagalakang sasalubong sa Kanyang pagdating. Ang mukha ng buong sangkatauhan ay puno ng layuning pumatay, at sa lahat ng lugar, ramdam ang layuning pumatay. Hangad nilang palayasin ang Diyos mula sa lupaing ito; hawak ang mga kutsilyo at espada, inaayos nila ang kanilang sarili sa pakikipaglaban upang "puksain" ang Diyos.

Hinango mula sa "Gawain at Pagpasok (7)" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Yaong mga kampon ng diyablo ay nabubuhay na lahat para sa kanilang mga sarili. Ang pagtingin nila sa buhay at mga salawikain ay kalimitang nagmumula sa mga kasabihan ni Satanas, tulad ng, "Bawat tao para sa kanyang sarili at bahala na ang iba." Ang mga salitang sinambit ng mga diyablong haring iyon, ng matatayog, at ng mga pilosopo sa lupa ay naging ang mismong buhay ng tao. Lalo na, karamihan sa mga salita ni Confucius, na ipinangangalandakan ng mga Chinese na isang "pantas," ay naging buhay na ng tao. Mayroon ding mga bantog na kasabihan ng Buddhism at Taoism, at ang madalas-sipiin na mga klasikong kasabihan ng iba't ibang tanyag na tao; lahat ng ito ay mga balangkas ng mga pilosopiya ni Satanas at kalikasan ni Satanas. Ang mga ito rin ang pinakamahusay na paglalarawan at paliwanag tungkol sa kalikasan ni Satanas. Ang mga lason na ito na naipasok sa puso ng tao ay nagmumulang lahat kay Satanas; ni katiting ay walang nagmumula sa Diyos. Ang mga malademonyong salita na iyon ay diretsahan ding kumokontra sa salita ng Diyos. Napakalinaw na ang mga realidad ng lahat ng positibong bagay ay nagmumula sa Diyos, at lahat ng negatibong bagay na iyon na lumalason sa tao ay nagmumula kay Satanas. Samakatuwid, natatalos mo ang kalikasan ng isang tao at kung kanino siya kabilang mula sa pagtingin niya sa buhay at mga pinahahalagahan. Ginagawang tiwali ni Satanas ang mga tao sa pamamagitan ng edukasyon at impluwensya ng mga pambansang pamahalaan at ng mga sikat at dakila. Ang kanilang mga malademonyong salita ay naging buhay kalikasan na ng tao. Ang "Bawat tao para sa

kanyang sarili at bahala na ang iba” ay isang sikat na mala-satanas na kasabihan na naikintal na sa lahat at iyan ay naging buhay na ng tao. May iba pang salita ng pilosopiya para sa pamumuhay na katulad rin nito. Ginagamit ni Satanas ang mainam na tradisyunal na kultura ng bawa’t bayan para turuan ang mga tao, nagsasanhi sa sangkatauhan na mahulog at masadlak sa isang walang-hanggang bangin ng pagkawasak, at sa huli ay winawasak ng Diyos ang tao dahil naglilingkod sila kay Satanas at nilalabanan ang Diyos. Isipin na kunwari’y itinatanong mo ito sa isang tao na maraming taon nang aktibo sa lipunan, “Ipagpalagay nang nabubuhay ka na sa mundo at napakarami mo nang nagawa, anong mga bantog na kasabihan ang batayan mo sa buhay?” Maaaring sabihin niya, “Ang pinakamahalaga ay ‘Hindi gagalawin ng mga opisyal ang mga sipsip sa kanila, at ang mga hindi nambobola ay walang mapapala.’” Hindi ba kumakatawan ang mga salitang ito sa kanyang likas na pagkatao? Naging kalikasan na niya ang walang-pakundangang paggamit ng anumang paraan para makakuha ng katungkulan, at ang pagiging opisyal ang nagbibigay-buhay sa kanya. Marami pa ring mala-satanas na lason sa buhay ng mga tao, sa kanilang pag-uugali at asal; halos wala man lamang silang taglay na katotohanan. Halimbawa, ang mga pilosopiya nila sa pamumuhay, ang kanilang mga paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay, at kanilang mga kasabihan ay pawang puno ng mga lason ng malaking pulang dragon, at lahat ng ito ay galing kay Satanas. Kaya, lahat ng dumadaloy sa mga buto at dugo ng mga tao ay pawang kay Satanas. Lahat ng opisyal na iyon, na may kapangyarihan, at yaong mga nagtatagumpay ay may sarili nilang landas at lihim sa tagumpay. Hindi ba lubos na kumakatawan ang mga lihim na iyon sa kanilang likas na pagkatao? Napakalaki ng mga nagawa nila sa mundo, at walang sinumang nakakaaninag sa mga pakana at intrigang nasa likod ng mga iyon. Nagpapakita ito na lubhang masama at makamandag ang kanilang likas na pagkatao. Labis nang nagawang tiwali ni Satanas ang sangkatauhan. Ang kamandag ni Satanas ay dumadaloy sa dugo ng bawat tao, at makikita na ang kalikasan ng tao ay tiwali, masama, at radikal, puno ng at lubos na

nakalubog sa mga pilosopiya ni Satanas—ito, sa kabuuan nito, ay isang likas na pagkatao na nagtataksil sa Diyos. Ito ang dahilan kaya nilalabanan at sinasalungat ng mga tao ang Diyos.

Hinango mula sa “Paano Malalaman ang Kalikasan ng Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang kaalaman ba’y iniisip ng lahat na isang positibong bagay? Kahit paano, iniisip ng mga tao na ang salitang “kaalaman” ay nagpapahiwatig ng positibo kaysa negatibo. Kung gayon, bakit natin binabanggit dito na gumagamit si Satanas ng kaalaman upang gawing tiwali ang tao? Ang teorya ng ebolusyon ba’y isang aspeto ng kaalaman? Hindi ba’t ang mga batas ng siyensya ni Newton ay bahagi ng kaalaman? Ang paghila ng grabidad ng daigdig ay bahagi ng kaalaman, tama? (Oo.) Kung gayon, bakit inililista ang kaalaman na kasama sa mga bagay na ginagamit ni Satanas upang gawing tiwali ang sangkatauhan? Ano ang pananaw ninyo dito? Mayroon bang kahit katiting na katotohanan sa kaalaman? (Wala.) Kung gayon, ano ang diwa ng kaalaman? Sa anong basehan natututuhan ng tao ang lahat ng kaalamang kanyang napag-aaralan? Ito ba ay base sa teorya ng ebolusyon? Hindi ba’t nakabatay sa ateismo ang kaalaman na natamo ng tao sa pamamagitan ng pagsisiyasat at pagbubuod? Mayroon bang kaugnayan sa Diyos ang alinman sa kaalamang ito? May kaugnayan ba ito sa pagsamba sa Diyos? Ito ba ay konektado sa katotohanan? (Hindi.) Kung gayon, paano ginagamit ni Satanas ang kaalaman upang gawing tiwali ang tao? Kasasabi Ko lang na walang anuman sa kaalamang ito ang konektado sa pagsamba sa Diyos o sa katotohanan. Ganito ito iniisip ng ilang tao: “Maaaring walang kinalaman sa katotohanan ang kaalaman, ngunit hindi pa rin nito ginagawang tiwali ang mga tao.” Ano ang inyong pananaw dito? Tinuruan ka ba ng kaalaman na ang kaligayahan ng tao ay nakadepende sa malilikha gamit ang sariling mga kamay? Tinuruan ka ba ng kaalaman na ang kapalaran ng tao ay nasa kanyang sariling mga kamay? (Oo.) Anong uri ng pagsasalita ito? (Ito ay mala-diyablong pagsasalita.) Magaling! Ito ay mala-diyablong pagsasalita! Kumplikadong

talakayin ang kaalaman. Maaari mong isipin na ang isang larangan ng kaalaman ay kaalaman lamang. Iyon ay isang larangan ng kaalaman na natututuhan batay sa hindi pagsamba sa Diyos at kakulangan ng pagkaunawa na nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay. Kapag pinag-aaralan ng mga tao ang ganitong uri ng kaalaman, hindi nila nakikita ang Diyos na nagkakaroon ng kapamahalaan sa lahat ng bagay; hindi nila nakikita ang Diyos bilang namumuno o namamahala sa lahat ng bagay. Sa halip, ang tangi nilang ginagawa ay walang humpay na pananaliksik at pagsisiyasat sa larangang iyon ng kaalaman, at naghahanap ng mga kasagutan batay sa kaalaman. Gayunpaman, hindi ba't kung hindi naniniwala ang mga tao sa Diyos at sa halip ay nagpapatuloy lamang sa pananaliksik, hindi sila kailanman makakahanap ng mga totoong kasagutan? Binibigyan ka lamang ng kaalaman ng kabuhayan, trabaho, at kita upang hindi ka magutom; ngunit hindi ka nito kailanman pasasambahin sa Diyos, at hindi ka nito kailanman ilalayo sa kasamaan. Habang lalo mong pinag-aaralan ang kaalaman, lalo mong nanaising magrebelde sa Diyos, upang ipailalim ang Diyos sa iyong pagsasaliksik, upang tuksuhin ang Diyos, at kalabanin ang Diyos. Kaya ngayon, ano ang ating nakikita na itinuturo ng kaalaman sa mga tao? Ang lahat ng ito ay pilosopiya ni Satanas. Mayroon bang kaugnayan sa katotohanan ang mga pilosopiya at mga panuntunan ng pamumuhay na ikinakalat ni Satanas sa mga tiwaling tao? Walang kinalaman ang mga ito sa katotohanan at, sa katunayan, ito ay mga kabaliktaran ng katotohanan. Madalas sinasabi ng mga tao na "Ang buhay ay paggalaw" at "Ang tao ay bakal, ang kanin ay bakal, ang tao ay nakakaramdam ng pagkagutom kapag lumalaktaw siya ng pagkain"; ano ang mga kasabihang ito? Ang mga ito ay kasinungalingan at nakakainis ang mga itong marinig. Sa tinaguriang kaalaman ng tao, naglagay si Satanas ng marami-raming pag-iisip at pilosopiya nito sa pamumuhay. At habang ginagawa ito ni Satanas, pinahihintulutan nito ang tao na tanggapin ang kanyang pag-iisip, pilosopiya, at pananaw upang maaaring itanggi ng tao ang pag-iral ng Diyos, itanggi ang kapamahalaan ng Diyos sa lahat ng bagay at sa kapalaran ng tao. Kaya't habang sumusulong ang pag-aaral ng

tao at lumalago ang kanyang kaalaman, nararamdaman niyang ang pag-iral ng Diyos ay nagiging malabo at maaari ding makaramdam na hindi na umiiral ang Diyos. Sa pagdaragdag ni Satanas ng mga pananaw, mga kuru-kuro, at mga kaisipan sa isip ng tao, hindi ba't ginagawang tiwali ang tao sa pamamagitan nito? (Oo.) Ano ang pinagbabatayan ngayon ng tao ng kanyang buhay? Dumedepende ba talaga siya sa kaalamang ito? Hindi; ibinabatay ng tao ang kanyang buhay sa mga kaisipan, pananaw, at pilosopiya ni Satanas na nakakubli sa loob ng kaalamang ito. Dito nagaganap ang pangunahing bahagi ng pagtitiwali ni Satanas; ito ang layon ni Satanas at ang pamamaraan nito upang gawing tiwali ang tao.

Hinango mula sa "Ang Diyos Mismo, ang Natatangi V" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

"Pera ang nagpapaikot sa mundo," ito ay pilosopiya ni Satanas at nangingibabaw sa buong sangkatauhan, sa bawat lipunan ng mga tao. Maaari ninyong sabihin na ito ay isang kalakaran dahil ikinintal ito sa puso ng bawat isang tao. Mula pa sa panimula, hindi tinanggap ng mga tao ang kasabihang ito, ngunit binigyan nila ito ng hayagang pagtanggap noong maranasan na nila ang tunay na buhay, at nagsimula nilang maramdaman na totoo nga ang mga salitang ito. Hindi ba ito proseso ni Satanas na ginagawang tiwali ang mga tao? Marahil hindi nauunawaan ng mga tao ang kasabihang ito sa parehas na antas, ngunit ang lahat ay mayroong magkakaibang mga antas ng interpretasyon at pagkilala sa kasabihang ito batay sa mga bagay na nangyari sa kanilang paligid at sa kanilang mga sariling karanasan, tama? Gaano man karaming karanasan mayroon ang isang tao sa kasabihang ito, ano ang negatibong epekto na maaaring maidulot nito sa puso ng isang tao? Nabubunyag ang isang bagay sa pamamagitan ng disposisyon ng mga tao sa mundong ito, kasama na ang bawat isa sa inyo. Paano bibigyang kahulugan ang bagay na itong nahayag? Ito'y pagsamba sa salapi. Mahirap bang alisin ito mula sa puso ng isang tao? Napakahirap nito! Tila sadyang napakalalim ng pagtitiwali ni Satanas sa mga tao! Kaya naman matapos gamitin ni Satanas ang

kalakarang ito upang gawing tiwali ang mga tao, paano ito nakikita sa kanila? Inaakala ba ninyo na hindi niyo kayang mamuhay sa mundong ito nang walang salapi, na kahit isang araw na walang salapi ay imposible? Ang katayuan ng mga tao ay base sa kung gaano karaming salapi mayroon sila, gayundin ang paggalang na karapat-dapat sa kanila. Ang mga likod ng mahihirap ay nakayuko sa hiya, habang nagpapakasasa ang mayayaman sa kanilang mataas na katayuan. Nakatayo sila nang tuwid at nagmamalaki, nagsasalita nang malakas at namumuhay nang may pagmamataas. Ano ba ang dinadala ng kasabihan at kalakarang ito sa mga tao? Hindi ba totoo na gagawin ng marami ang anumang sakripisyo para sa salapi? Hindi ba isinasakripisyo ng maraming tao ang kanilang dignidad at katapatan sa paghahanap ng mas maraming salapi? Higit pa rito, hindi ba marami ang mga taong nawawalan ng pagkakataon na gampanan ang kanilang tungkulin at sundin ang Diyos para lamang sa kapakanan ng salapi? Hindi ba ito kawalan para sa mga tao? (Oo.) Hindi ba’t masama si Satanas sa paggamit sa pamamaraang ito at sa kasabihang ito upang gawing tiwali ang tao nang gayon? Hindi ba ito malisyosong pandaraya? Habang sumusulong ka mula sa pagtutol sa popular na kasabihang ito tungo sa pagtanggap dito bilang katotohanan sa huli, mahuhulog nang buo ang iyong puso sa kamay ni Satanas, at kung gayon ay hindi sinasadya kang namumuhay sa kasabihan. Gaano ka naapektuhan ng kasabihang ito? Maaaring alam mo ang tunay na daan, at maaari ring alam mo ang katotohanan, subalit wala kang kapangyarihang itaguyod ito. Maaari mong malaman nang malinaw na ang mga salita ng Diyos ay katotohanan, ngunit hindi ka handang magbayad ng halaga, o magdusa upang makamtan ang katotohanan. Sa halip, mas gugustuhin mong isakripisyo ang iyong sariling kinabukasan at tadhana upang kalabanin ang Diyos hanggang sa katapus-tapusan. Anuman ang sinasabi ng Diyos, anuman ang ginagawa ng Diyos, gaano mo man mapagtanto ang lalim at kadakilaan ng pag-ibig ng Diyos para sa iyo, mananatili ka pa ring sutil sa pagsunod sa sarili mong landas at magbabayad para sa kasabihang ito. Ibig sabihin, pinapangunahan na ng kasabihang ito ang

iyong pag-uugali at ang iyong mga kaisipan, at mas gugustuhin mong pangunahan nito ang iyong kapalaran kaysa isuko itong lahat. Hindi ba't inilalarawan ng pagkilos ng mga tao sa ganitong paraan, na sila ay pinangungunahan ng kasabihang ito at namamanipula nito, na mabisa ang ginagawa ni Satanas na pagpapatiwali sa mga tao? Hindi ba ito ang pag-uugat sa iyong puso ng pilosopiya at tiwaling disposisyon ni Satanas? Kung gagawin mo ito, hindi ba natamo na ni Satanas ang kanyang layunin? (Oo.) Nakikita mo ba kung paano nagawang tiwali ni Satanas ang tao sa ganitong paraan? Mararamdaman mo ba ito? (Hindi.) Hindi mo ito nakita o naramdaman. Nakikita mo ba rito ang kasamaan ni Satanas? Ginagawang tiwali ni Satanas ang tao sa lahat ng oras at sa lahat ng lugar. Ginagawang imposible ni Satanas para labanan ng tao ang katiwaliang ito at ginagawang walang-laban ang tao rito. Ginagawa ni Satanas na tanggapin mo ang mga kaisipan nito, mga pananaw nito, at ang mga masamang bagay na nagmumula rito sa mga sitwasyon na wala kang alam at kapag wala kang pagkilala sa kung ano ang nangyayari sa iyo. Buong tinatanggap ng mga tao ang mga bagay na ito. Minamahal nila at pinanghahawakan ang mga bagay na ito na parang isang kayamanan, hinahayaan nila ang mga bagay na ito na manipulahin sila at paglaruan sila; ito ang paraan kung paano lumalalim nang lumalalim ang pagtitiwali ni Satanas sa tao.

Hinango mula sa "Ang Diyos Mismo, ang Natatangi V" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Maraming pagkakapareho ang tradisyonal na kultura at pamahiin, iyon nga lang ang tradisyonal na kultura ay may partikular na mga kuwento, mga pahiwatig, at mga pinagmumulan. Bumuo at nag-imbento si Satanas ng maraming kuwentong bayan o mga kuwento sa mga aklat ng kasaysayan, iniiwan sa mga tao ang malalalim na impresyon ng tradisyonal na kultura o mga mapamahiing imahe. Halimbawa, sa Tsina ay may "Ang Walong Imortal na Tumatawid ng Dagat," "Paglalakbay Tungo sa Kanluran," ang Emperador ng Jade, "Ang Paglupig ni Nezha sa Haring Dragon," at "Ang Pagtatalaga ng mga Diyos." Hindi ba nakaugat na nang

husto ang mga ito sa isip ng tao? Kahit na hindi nalalaman ng ilan sa inyo ang lahat ng detalye, alam pa rin ninyo ang mga pangkalahatang kuwento, at ang pangkalahatang nilalaman nito ang namamalagi sa iyong puso at sa iyong isip, upang hindi mo makakalimutan ang mga ito. Ito ang sari-saring ideya o alamat na inihanda ni Satanas para sa tao noon pa man, at naipakalat na sa iba't ibang panahon. Ang mga ito ay tuwirang pumipinsala at nagpapahina sa mga kaluluwa ng mga tao at ginagayuma nang sunod-sunod ang mga tao. Ibig sabihin noon ay sa sandaling natanggap mo na ang gayong tradisyonal na kultura, mga kwento, o mapamahiing mga bagay, kapag ang mga ito ay naitatag sa iyong isip, at kapag nanguyapit ang mga ito sa iyong puso, kung gayon ay para kang nagayuma—nasasadlak ka at naiimpluwensyahan nitong mga kultural na patibong, ng mga ideya at tradisyonal na mga kuwentong ito. Iniimpluwensyahan ng mga ito ang iyong buhay, ang iyong pananaw sa buhay, at ang iyong paghatol sa mga bagay-bagay. Lalong higit na iniimpluwensyahan ng mga ito ang iyong paghahangad para sa tunay na daan ng buhay: Ito ay talagang isang masamang gayuma. Anuman ang gawin mo, hindi mo maipapagpag ang mga ito; sinisibak mo ang mga ito nguni't hindi mo kayang maibuwal; hinahampas mo ang mga ito nguni't hindi mo matatalo. Dagdag pa rito, pagkatapos na ang mga tao ay mapasailalim nang hindi namamalayan sa ganitong uri ng gayuma, sila ay nagsisimulang sumamba kay Satanas nang hindi namamalayan, itinataguyod ang imahe ni Satanas sa kanilang mga puso. Sa madaling salita, itinatatag nila si Satanas bilang kanilang diyus-diyosan, isang bagay para kanilang sambahin at tingalain, humahantong pa hanggang sa pagtuturing dito bilang Diyos. Nang hindi namamalayan, ang mga bagay na ito ay nasa puso ng mga tao, kumokontrol sa kanilang mga salita at mga gawa. Higit pa rito, itinuturing mo noon na huwad ang mga kuwento at mga alamat na ito, at pagkatapos kinikilala mo nang hindi namamalayan ang pag-iral nila, ginagawa silang mga totoong pigura at ginagawa silang mga totoo, umiiral na mga bagay. Sa iyong kawalang-kamalayan, tinatanggap mo nang hindi namamalayan ang mga ideyang ito at ang pag-iral ng mga bagay na ito. Tinatanggap mo

rin nang hindi namamalayan ang mga diyablo, si Satanas at mga diyus-diyosan sa iyong sariling tahanan at sa iyong sariling puso—isa nga itong gayuma.

Hinango mula sa “Ang Diyos Mismo, ang Natatangi VI” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Paano tinitingnan ng sangkatauhan ang mga lohika at ideolohiya ni Satanas, at ang mga bagay na napagbabalingan para sa suporta na namamayani sa buhay ng mga tao? Sinasabi ng ilang tao na pagkaing-espirituwal ang mga ito, sopas na lunas at kagalingan para sa kaluluwa, subalit ang totoo ay mga tiwaling tao sila; sa sandaling “kainin” ang mga ito ng mga tao, katapusan na nila. Ano ang nangyayari kung patuloy na tanggapin ng mga tao ang gayong mga bagay nang hindi inaalis ang mga dating bagay? Kung hindi sila naghuhunos ng dati nilang tiwaling disposisyon, at yakapin ang mga mas bagong katiwalian ni Satanas, katapusan na nila—mapapahamak sila at hindi na kailanman maliligtas. Kaya habang patuloy na tinutukoy at tinatanggihan ang mga ito, dapat mamalagi kang hinuhunos ang mga ito; hindi ka dapat mamuhay sa mga bagay na ito, at dapat mong tanggapin ang mga salita ng Diyos. May nakapagsabi na ba na, “Hindi ko na tinanggap pa ang mga bagay na iyon, at kusang pumasok sa akin ang mga salita ng Diyos”? Magiging imposible iyon. Dapat mong pagpasyahang gawin na hanapin at tanggapin ang katotohanan. Habang nasa proseso ng iyong pag-unawa sa katotohanan, natural mong matutukoy ang mga erehiya at kamalian, at unti-unti mo silang mabibitiwan. Kung gayon, unti-unting magiging mga prinsipyong batayan ng iyong pagkilos ang mga salita ng Diyos; sa tuwing may ginagawa kang anumang bagay, malalaman mo kung paano kumilos alinsunod sa kalooban ng Diyos, at natural mo nang maisasagawa ito—at sa bagay na ito, magaganap ang isang pagbabago sa iyong disposisyon.

Hinango mula sa “Ang Katotohanan ay ang Pamantayan para sa Asal, Mga Kilos, at Pagsamba ng Tao sa Diyos” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Mga Talababa:

1. Ang “lunukin” ay tumutukoy sa marahas na pag-uugali ng hari ng mga diyablo, na sinasaklot nang buo ang mga tao.

a. Ang Apat na Aklat at Limang Klasiko ay mapagkakatiwalaang tumpak na mga aklat ng Confucianism sa China.

112. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa Malaking Pulang Dragon at kay Satanas

(1) Si Satanas ang punong arkitekto ng katiwalian ng sangkatauhan; ang malaking pulang dragon ang sagisag ni Satanas, at ang pangunahing pinagmumulan ng lahat ng puwersa ng kasamaan;

(2) Sinasamantala ng malaking pulang dragon ang mga kasinungalingan, gayundin ang lahat ng uri ng maling pananampalataya at kabulaanan, upang malinlang, makontrol, at malumpo ang mga tao, na nagtutulak sa kanilang tutulan at pagtaksilan ang Diyos;

(3) Kinakailangang makilala ang iba’t ibang mga usap-usapan at mga teoryang reaksyunaryong nilikha ng malaking pulang dragon, at malinaw na makita ang malademonyo nitong diwa—na lumalaban at nagkikimkim ng pagkamuhi sa Diyos;

(4) Ginawang tiwali ni Satanas ang lahat ng sangkatauhan at pinuspos ng satanikong disposisyon. Dapat na gamitin ng tao ang katotohanan upang masuri at makilala ito at maitakwil ang kanilang satanikong disposisyon; tanging sa paggawa nito tinatalikdan ng tao si Satanas.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang mga pagpapamalas ng malaking pulang dragon ay paglaban sa Akin, kawalan ng pagkaunawa at pag-abot sa mga kahulugan ng Aking mga salita, madalas na pang-uusig sa Akin, at paghahangad na gumamit ng mga pakana para gambalain ang Aking pamamahala. Si Satanas ay ipinamamalas ang sumusunod: pakikipagtunggali sa Akin para sa kapangyarihan, pagnanais na angkinin ang Aking hinirang na bayan, at paglalabas ng mga negatibong salita para linlangin ang Aking bayan. Ang mga pagpapamalas ng diyablo (yaong mga hindi tumatanggap sa Aking

pangalan, na hindi naniniwala, ay diyablong lahat) ay ang sumusunod: pag-iimbot sa mga kasiyahan ng laman, pagpapasasa sa masasamang pagnanasa, pamumuhay sa ilalim ng pagkagapos kay Satanas, ang ilan ay lumalaban at ang ilan ay sumusuporta sa Akin (ngunit hindi pinapatunayan na sila ay Aking mga minamahal na anak). Ang mga pagpapamalas ng arkanghel ay ang sumusunod: pagsasalita nang walang-galang, pagiging di-makaDiyos, malimit na paggaya ng Aking tono para turuan ang mga tao, pagtutuon lamang sa panlabas na paggaya sa Akin, pagkain ng Aking kinakain at paggamit ng Aking ginagamit; sa madaling salita, pagnanais na makapantay Ko, pagiging ambisyoso ngunit wala ng Aking katangian at hindi nagtataglay ng Aking buhay, pagiging isang patapon. Si Satanas, ang diyablo, at ang arkanghel ay tipikal na paglalarawang lahat ng malaking pulang dragon, kaya yaong mga hindi Ko paunang-itinalaga at pinili ay mga anak lahat ng malaking pulang dragon: Iyan ay lubusang ganoon! Ang mga ito ay mga kaaway Kong lahat. (Gayunpaman ang mga panggagambala ni Satanas ay hindi kasama. Kung ang iyong kalikasan ay Aking katangian, walang sinumang makapagbabago nito. Dahil ngayon ay namumuhay ka pa rin sa laman, paminsan-minsan ay mapapaharap ka sa mga panunukso ni Satanas—ito ay di-maiiwasan—ngunit dapat kang laging mag-ingat.) Samakatuwid, tatalikuran Ko ang lahat ng anak ng malaking pulang dragon sa labas ng Aking mga panganay na anak. Ang kanilang kalikasan ay hindi kailanman magbabago, at ito ang katangian ni Satanas. Ang diyablo ang kanilang ipinamamalas, at ang arkanghel ang kanilang isinasabuhay. Ito ay lubusang totoo. Ang malaking pulang dragon na Aking sinasabi ay hindi isang malaking pulang dragon; bagkus ito ay ang masamang espiritu na kalaban Ko, kung saan ang “malaking pulang dragon” ay isang kasing-kahulugang salita. Kaya lahat ng espiritu bukod sa Banal na Espiritu ay masasamang espiritu, at masasabi ring ang anak ng malaking pulang dragon. Ang lahat ay dapat na maging malinaw sa lahat.

Hinango mula sa “Kabanata 96” ng Mga Pagbigkas ni Cristo sa Pasimula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Naisara nang mahigpit ng kaalaman tungkol sa sinaunang kultura at kasaysayan na sumasaklaw sa ilang libong taon ang pag-iisip at mga pagkaintindi ng tao at ang pananaw ng kanyang isipan kaya hindi tinatablan at hindi nalulusaw ang mga ito.[1] Naninirahan ang mga tao sa ikalabing-walong ikot ng impiyerno, para lamang silang naitaboy ng Diyos sa mga bartolina, kung saan maaaring hindi kailanman makita ang liwanag. Naapi na nang husto ng pyudal na pag-iisip ang tao kaya halos hindi sila makahinga at naghahabol sila ng hininga. Wala sila ni katiting na lakas upang lumaban; ang ginagawa lamang nila ay tahimik na magtiis nang magtiis…. Walang sinumang nangahas kailanman na magpumiglas o ipagtanggol ang katuwiran at katarungan; talagang namumuhay lamang ang mga tao ng isang buhay na mas masahol pa sa hayop, sa ilalim ng mga paghampas at pang-aabuso ng pyudal na moralidad, araw-araw, at taun-taon. Hindi nila naisip kailanman na hanapin ang Diyos upang matamasa ang kaligayahan sa mundo ng tao. Para bagang napabagsak na ang mga tao hanggang sa maging para silang mga dahong nalaglag sa taglagas, lanta, tuyot, at manilaw-nilaw na kayumanggi. Matagal nang nawala ang alaala ng mga tao; kaawa-awa silang naninirahan sa impiyerno na tinatawag na mundo ng tao, naghihintay sa pagdating ng huling araw upang sama-sama silang mamatay sa impiyernong ito, na para bang ang huling araw na pinakahihintay nila ang araw na tatamasahin ng tao ang payapang kapahingahan. Nadala na ng pyudal na moralidad ang buhay ng tao sa “Hades,” na lalong nagpahina sa kapangyarihan ng tao na lumaban. Lahat ng uri ng pang-aapi ang nagtutulak sa tao, nang paunti-unti, na mahulog nang mas malalim sa Hades, palayo nang palayo sa Diyos, hanggang sa siya ay maging isa nang ganap na estranghero ngayon sa Diyos at nagmamadaling iwasan Siya kapag sila ay nagkatagpo. Hindi Siya pinakikinggan ng tao at iniiwan Siyang nakatayong mag-isa sa isang tabi, na para bang hindi pa Siya nakilala ng tao kailanman, na hindi pa Siya nakita dati. Subalit matagal nang naghihintay ang Diyos sa tao sa mahabang paglalakbay sa buhay, na hindi kailanman ipinupukol ang Kanyang di-mapigilang galit sa kanya, tahimik lamang na naghihintay, nang

walang imik, na magsisi ang tao at magsimulang muli. Matagal nang pumarito ang Diyos sa mundo ng tao upang makibahagi sa mga pagdurusa ng tao sa mundo. Sa lahat ng taon na namuhay Siya sa piling ng tao, wala pang nakatuklas sa Kanyang pag-iral. Tahimik lamang na tinitiis ng Diyos ang paghihirap ng pagiging hamak sa mundo ng tao habang isinasakatuparan ang gawaing personal Niyang dinala. Patuloy Siyang nagtitiis para sa kapakanan ng kalooban ng Diyos Ama at ng mga pangangailangan ng sangkatauhan, na nagdaranas ng mga pagdurusang hindi kailanman naranasan ng tao. Sa presensya ng tao tahimik Siyang naglingkod sa kanya, at sa presensya ng tao Siya ay nagpakumbaba, para sa kapakanan ng kalooban ng Diyos Ama at maging sa kapakanan ng mga pangangailangan ng sangkatauhan. Ang kaalaman tungkol sa sinaunang kultura ay parang balewalang ninakaw ang tao mula sa presensya ng Diyos at ipinasa siya sa hari ng mga diyablo at sa mga inapo nito. Nadala na ng Apat na Aklat at Limang Klasiko[a] ang pag-iisip at mga pagkaintindi ng tao sa isa pang kapanahunan ng paghihimagsik, na naging sanhi upang higit pa niyang sambahin ang mga sumulat ng Aklat/Klasiko ng mga Dokumento, at bilang resulta upang lalo pang palalain ang kanyang mga pagkaintindi tungkol sa Diyos. Walang kaalam-alam ang tao, walang-awang pinalayas ng hari ng mga diyablo ang Diyos mula sa kanyang puso at pagkatapos ay tuwang-tuwang matagumpay niya mismong inokupa iyon. Mula noon, nag-angkin na ang tao ng pangit at masamang kaluluwa at ng mukha ng hari ng mga diyablo. Napuno ng poot sa Diyos ang kanyang dibdib, at lumaganap ang galit na kasamaan ng hari ng mga diyablo sa kalooban ng tao araw-araw hanggang sa lubos siyang lamunin nito. Wala na ni katiting na kalayaan ang tao at walang paraang makalaya mula sa mga bitag ng hari ng mga diyablo. Wala siyang nagawa kundi magpabihag noon mismo, sumuko at magpatirapa sa pagpapasakop sa presensya nito. Noong araw, nang bata pa ang puso’t kaluluwa ng tao, itinanim doon ng hari ng mga diyablo ang binhi ng tumor ng ateismo, na nagtuturo sa kanya ng mga kamaliang gaya ng “mag-aral ng siyensya at teknolohiya; alamin ang Apat na Modernisasyon; at walang Diyos sa mundo.” Hindi lamang

iyan, ipinapahayag nito sa bawat pagkakataon, “Umasa tayo sa ating kasipagan para makabuo tayo ng sarili nating magandang bayan,” na hinihiling sa bawat tao na maging handa mula sa pagkabata na matapat na makapaglingkod sa kanilang bansa. Dinala ang tao, nang walang kamalay-malay, sa presensya nito, kung saan walang pag-aatubiling kinamkam nito ang buong karangalan (ibig sabihin ay ang karangalang nauukol sa Diyos sa pagpigil sa buong sangkatauhan sa Kanyang mga kamay) para sa sarili nito. Hindi ito nagkaroon ng anumang kahihiyan kailanman. Bukod pa rito, hindi ito nahiyang agawin ang mga tao ng Diyos at hilahin sila pabalik sa bahay nito, kung saan tumalon ito na parang daga papunta sa ibabaw ng mesa at pinasamba ang tao rito bilang Diyos. Napakadesperado nito! Iskandaloso itong sumisigaw ng mga bagay na nakakagulat, tulad ng: “Walang Diyos sa mundo. Ang hangin ay nagmumula sa mga pagbabago ayon sa mga batas ng kalikasan; ang ulan ay dumarating kapag sumisingaw ang tubig, na sumasalubong sa malalamig na temperatura, bumabagsak bilang mga patak sa lupa; ang lindol ay pagyanig ng ibabaw ng lupa dahil sa mga pagbabagong nangyayari dito; ang tagtuyot ay dulot ng pagkatuyo ng hangin kapag gumalaw ang pinakagitna sa ibabaw ng araw. Ang mga ito ay mga kababalaghan ng kalikasan. Nasaan, sa lahat ng ito, ang gawain ng Diyos?” Mayroon pa ngang mga sumisigaw ng mga pahayag na gaya ng sumusunod, mga bagay na hindi dapat ipahayag: “Ang tao ay nagmula sa unggoy noong unang panahon, at ang mundo ngayon ay nagmumula sa sunud-sunod na mga sinaunang lipunan na nagsimula humigit-kumulang isang bilyong taon na ang nakakaraan. Ang pag-unlad o pagbagsak ng isang bansa ay nakasalalay sa mga kamay ng mga mamamayan nito.” Sa likod nito, isinasabit ito ng tao sa dingding o ipinapatong ito sa mesa upang pagpitaganan at alayan iyon. Kasabay ng pagsigaw nito ng, “Walang Diyos,” itinataas nito ang sarili bilang Diyos, walang habas na itinutulak ang Diyos palabas ng mga hangganan ng lupa, samantalang nakatayo sa lugar ng Diyos at kumikilos bilang ang hari ng mga diyablo. Hindi na talaga makatwiran! Dahil dito, sagad sa buto ang pagkamuhi rito ng tao. Tila mortal na magkaaway sila ng Diyos, at hindi

maaaring magkasama silang dalawa. Nagbabalak itong itaboy ang Diyos palayo samantalang ito ay malayang gumagala, nang hindi nasasakop ng batas.[2] Hari nga ito ng mga diyablo! Paano matitiis ang pag-iral nito? Hindi ito magpapahinga hangga't hindi nito nagugulo ang gawain ng Diyos at iniiwan itong ganap na magulo,[3] na para bang nais nitong labanan ang Diyos hanggang sa huli, hanggang sa mamatay ang mga isda o masira ang lambat, na sadyang nilalabanan ang Diyos at palapit pa nang palapit. Matagal nang nalantad ang kasuklam-suklam nitong mukha, ngayo'y lamog at bugbog[4] na ito at nasa kakila-kilabot na kalagayan, subalit hindi pa rin maglulubag ang loob nito sa pagkamuhi sa Diyos, na para bang huhupa lamang ang pagkamuhing tinimpi sa puso nito kapag nilamon na nito nang buo ang Diyos sa isang subuan. Paano natin matitiis ito, ang kaaway na ito ng Diyos! Tanging ang pagpuksa at ganap na paglipol lamang dito matutupad ang inaasam natin sa buhay. Paano ito mapapayagang patuloy na magpakalat-kalat? Nagawa nitong tiwali ang tao hanggang sa hindi na alam ng tao ang langit-araw, at naging manhid at walang pakiramdam. Nawalan na ng normal na katwiran ang tao. Bakit hindi natin ialay ang buo nating pagkatao para sirain at sunugin ito upang maalis ang lahat ng alalahanin sa hinaharap at tulutan ang gawain ng Diyos na umabot sa walang-katumbas na kaningningan sa lalong madaling panahon? Naparito sa mundo ng mga tao ang grupong ito ng mga tampalasan at ginulo ito nang husto. Nadala na nila ang buong sangkatauhan sa bingit ng isang bangin, lihim na nagpaplanong itulak sila pababa para magkaluray-luray upang malamon nila ang kanilang bangkay pagkatapos. Walang saysay silang umaasang sirain ang plano ng Diyos at makipagkumpitensya sa Kanya, na sapalarang isinusugal ang lahat nang minsanan.[5] Hindi madaling gawin iyon! Kunsabagay ay nakahanda na ang krus para sa hari ng mga diyablo, na may kagagawan ng pinakamasasamang krimen. Hindi nabibilang ang Diyos sa krus. Itinabi na Niya ito para sa diyablo. Matagal nang nanalo ang Diyos at hindi na nakakaramdam ng kalungkutan sa mga kasalanan ng sangkatauhan, ngunit maghahatid Siya ng kaligtasan sa buong sangkatauhan.

Hinango mula sa “Gawain at Pagpasok (7)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Mula itaas hanggang ibaba at mula simula hanggang wakas, ginagambala na ni Satanas ang gawain ng Diyos at kumikilos laban sa Kanya. Lahat ng pag-uusap na ito tungkol sa “sinaunang pamanang kultura,” mahalagang “kaalaman tungkol sa sinaunang kultura,” “mga turo ng Taoism at Confucianism,” at “Confucian classics at mga seremonyang pyudal” ay dinala na ang tao sa impiyerno. Ang mas maunlad na makabagong-panahong siyensya at teknolohiya, pati na ang lubhang maunlad na industriya, agrikultura, at pagnenegosyo ay hindi makita kahit saan. Sa halip, binibigyang-diin lamang nito ang mga ritwal na pyudal na ipinalaganap ng sinaunang “mga unggoy” upang sadyang gambalain, labanan, at lansagin ang gawain ng Diyos. Hindi lamang nito patuloy na sinaktan ang tao hanggang sa araw na ito, kundi nais pa nitong lunukin nang buo[6] ang tao. Ang paghahatid ng moral at etikal na mga turo ng pyudalismo at ang pagpapasa ng kaalaman tungkol sa sinaunang kultura ay matagal nang nahawahan ang sangkatauhan, at ginawa silang mga diyablong malalaki at maliliit. Iilan lamang ang masayang tatanggap sa Diyos, at buong kagalakang sasalubong sa Kanyang pagdating. Ang mukha ng buong sangkatauhan ay puno ng layuning pumatay, at sa lahat ng lugar, ramdam ang layuning pumatay. Hangad nilang palayasin ang Diyos mula sa lupaing ito; hawak ang mga kutsilyo at espada, inaayos nila ang kanilang sarili sa pakikipaglaban upang “puksain” ang Diyos. Sa buong lupaing ito ng diyablo, kung saan palaging itinuturo na walang Diyos, nagkalat ang mga diyus-diyusan, at nakakalat sa hangin sa ibabaw ang nakakasukang amoy ng nasusunog na papel at insenso, na masyadong makapal kaya mahirap huminga. Para iyong amoy ng putik na sumisingaw pataas sa pagpulupot ng makamandag na ahas, kaya hindi mapigil ng tao na masuka. Bukod dito, bahagyang maririnig ang ingay ng masasamang demonyo na sabay-sabay na sinasambit ang mga banal na kasulatan, isang ingay na tila nanggagaling sa malayong impiyerno, kaya hindi mapigil ng tao na manginig. Sa lahat ng dako ng lupaing ito ay may nakalagay na

mga diyus-diyusan na kakulay ng bahaghari, na ginagawang isang mundo ng mahahalay na kasiyahan ang lupain, samantalang patuloy na humahalakhak nang buong kasamaan ang hari ng mga diyablo, na para bang nagtagumpay na ang masamang balak nito. Samantala, nananatili itong lubos na wala sa loob ng tao, at ni wala rin siyang kamalay-malay na nagawa na siyang tiwali ng diyablo hanggang sa punto kung saan nawalan na siya ng pakiramdam at nakayuko dahil sa pagkatalo. Nais nitong palisin, sa isang iglap, ang lahat ng tungkol sa Diyos, at muli Siyang pasamain at paslangin; hangad nitong ibagsak at guluhin ang Kanyang gawain. Paano nito matutulutan ang Diyos na makapantay sa katayuan? Paano nito matitiis na "humadlang" ang Diyos sa gawain nito sa mga tao sa lupa? Paano nito matutulutan ang Diyos na ilantad ang kasuklam-suklam nitong mukha? Paano nito matutulutan ang Diyos na gambalain ang gawain nito? Paano mapapayagan ng diyablong ito, na nagpupuyos ang galit, na makontrol ng Diyos ang maharlikang hukuman nito sa lupa? Paano nito matatanggap nang maluwag ang nakahihigit na kapangyarihan Niya? Nabunyag na ang kasuklam-suklam nitong mukha kung ano talaga ito, kaya hindi alam ng tao kung tatawa siya o iiyak, at talagang mahirap itong banggitin. Hindi ba ito ang diwa nito? May pangit na kaluluwa, naniniwala pa rin ito na di-kapani-paniwala ang kagandahan nito. Ang grupong ito ng magkakasabuwat sa krimen![7] Bumababa sila sa mundo ng mga mortal upang magpakasaya at magsanhi ng kaguluhan, na ginugulo nang husto ang mga bagay-bagay kaya nagiging salawahan at pabagu-bago ang mundo at natataranta at hindi mapakali ang puso ng tao, at napaglaruan nila nang husto ang tao kaya nagmukha siyang isang malupit na hayop sa parang, napakapangit, at wala na ang pinakahuling bakas ng orihinal na taong banal. Bukod pa rito, nais pa nilang kunin ang pinakamataas na kapangyarihan sa lupa. Hinahadlangan nila nang husto ang gawain ng Diyos kaya hindi ito halos makasulong, at sinasarhan nila ang tao nang kasinghigpit ng mga pader na tanso at bakal. Dahil napakaraming nagawang kasalanan at nagsanhi ng napakaraming kalamidad, may inaasahan pa ba silang iba maliban sa pagkastigo? Naghuhuramentado na

ang mga demonyo at masasamang espiritu sa lupa, at nasarhan na kapwa ang kalooban at matiyagang pagsisikap ng Diyos kaya hindi na sila mapasok. Totoo, mortal na kasalanan ito! Paanong hindi mababalisa ang Diyos? Paanong hindi mapopoot ang Diyos? Matindi na nilang hinadlangan at kinalaban ang gawain ng Diyos: Napakasuwail!

Hinango mula sa “Gawain at Pagpasok (7)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ginagawang tiwali ni Satanas ang mga tao sa pamamagitan ng edukasyon at impluwensya ng mga pambansang pamahalaan at ng mga sikat at dakila. Ang kanilang mga malademonyong salita ay naging buhay kalikasan na ng tao. Ang “Bawat tao para sa kanyang sarili at bahala na ang iba” ay isang sikat na mala-satanas na kasabihan na naikintal na sa lahat at iyan ay naging buhay na ng tao. May iba pang salita ng pilosopiya para sa pamumuhay na katulad rin nito. Ginagamit ni Satanas ang mainam na tradisyunal na kultura ng bawa’t bayan para turuan ang mga tao, nagsasanhi sa sangkatauhan na mahulog at masadlak sa isang walang-hanggang bangin ng pagkawasak, at sa huli ay winawasak ng Diyos ang tao dahil naglilingkod sila kay Satanas at nilalabanan ang Diyos. Isipin na kunwari’y itinatanong mo ito sa isang tao na maraming taon nang aktibo sa lipunan, “Ipagpalagay nang nabubuhay ka na sa mundo at napakarami mo nang nagawa, anong mga bantog na kasabihan ang batayan mo sa buhay?” Maaaring sabihin niya, “Ang pinakamahalaga ay ‘Hindi gagalawin ng mga opisyal ang mga sipsip sa kanila, at ang mga hindi nambobola ay walang mapapala.’” Hindi ba kumakatawan ang mga salitang ito sa kanyang likas na pagkatao? Naging kalikasan na niya ang walang-pakundangang paggamit ng anumang paraan para makakuha ng katungkulan, at ang pagiging opisyal ang nagbibigay-buhay sa kanya. Marami pa ring mala-satanas na lason sa buhay ng mga tao, sa kanilang pag-uugali at asal; halos wala man lamang silang taglay na katotohanan. Halimbawa, ang mga pilosopiya nila sa pamumuhay, ang kanilang mga paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay, at kanilang mga kasabihan ay pawang puno ng mga lason ng malaking pulang dragon, at lahat ng ito ay

galing kay Satanas. Kaya, lahat ng dumadaloy sa mga buto at dugo ng mga tao ay pawang kay Satanas. Lahat ng opisyal na iyon, na may kapangyarihan, at yaong mga nagtatagumpay ay may sarili nilang landas at lihim sa tagumpay. Hindi ba lubos na kumakatawan ang mga lihim na iyon sa kanilang likas na pagkatao? Napakalaki ng mga nagawa nila sa mundo, at walang sinumang nakakaaninag sa mga pakana at intrigang nasa likod ng mga iyon. Nagpapakita ito na lubhang masama at makamandag ang kanilang likas na pagkatao. Labis nang nagawang tiwali ni Satanas ang sangkatauhan. Ang kamandag ni Satanas ay dumadaloy sa dugo ng bawat tao, at makikita na ang kalikasan ng tao ay tiwali, masama, at radikal, puno ng at lubos na nakalubog sa mga pilosopiya ni Satanas—ito, sa kabuuan nito, ay isang likas na pagkatao na nagtataksil sa Diyos. Ito ang dahilan kaya nilalabanan at sinasalungat ng mga tao ang Diyos.

Hinango mula sa “Paano Malalaman ang Kalikasan ng Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sa tinaguriang kaalaman ng tao, naglagay si Satanas ng marami-raming pag-iisip at pilosopiya nito sa pamumuhay. At habang ginagawa ito ni Satanas, pinahihintulutan nito ang tao na tanggapin ang kanyang pag-iisip, pilosopiya, at pananaw upang maaaring itanggi ng tao ang pag-iral ng Diyos, itanggi ang kapamahalaan ng Diyos sa lahat ng bagay at sa kapalaran ng tao. Kaya’t habang sumusulong ang pag-aaral ng tao at lumalago ang kanyang kaalaman, nararamdaman niyang ang pag-iral ng Diyos ay nagiging malabo at maaari ding makaramdam na hindi na umiiral ang Diyos. Sa pagdaragdag ni Satanas ng mga pananaw, mga kuru-kuro, at mga kaisipan sa isip ng tao, hindi ba’t ginagawang tiwali ang tao sa pamamagitan nito? (Oo.) Ano ang pinagbabatayan ngayon ng tao ng kanyang buhay? Dumedepende ba talaga siya sa kaalamang ito? Hindi; ibinabatay ng tao ang kanyang buhay sa mga kaisipan, pananaw, at pilosopiya ni Satanas na nakakubli sa loob ng kaalamang ito. Dito nagaganap ang pangunahing bahagi ng pagtitiwali ni Satanas; ito ang layon ni Satanas at ang pamamaraan nito upang gawing tiwali ang tao.

Hinango mula sa “Ang Diyos Mismo, ang Natatangi V” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa proseso ng pagkatuto ng tao ng kaalaman, ginagamit ni Satanas ang lahat ng paraan, maging ito man ay pagkukuwento, simpleng pagbibigay sa kanila ng ilang indibidwal na piraso ng kaalaman, o pagpapahintulot sa kanila na masapatan ang kanilang mga kagustuhan o ambisyon. Sa anong daan ka nais akayin ni Satanas? Iniisip ng mga tao na walang mali sa pagkatuto ng kaalaman, na ito ay ganap na natural. Upang ilagay ito sa paraang nakakaakit pakinggan, ang magtaguyod ng matatayog na mithiin o ang magkaroon ng mga ambisyon ay pagkakaroon ng mga hangarin, at ito dapat ang tamang landas sa buhay. Hindi ba mas maluwalhating paraan para sa mga tao na mabuhay kung matatanto nila ang kanilang sariling mga mithiin o matagumpay na makapagtatag ng isang karera sa kanilang buhay? Sa paggawa ng mga bagay na ito, hindi lamang mapararangalan ng isang tao ang sariling mga ninuno bagkus ay maaari ring mag-iwan ng isang tatak sa kasaysayan—hindi ba ito isang mabuting bagay? Ito ay isang mabuting bagay sa mga mata ng mga taong makamundo, at sa kanila ay dapat itong maging angkop at positibo. Si Satanas ba, gayunpaman, kasama ang masasamang motibo nito, ay dinadala lang ang mga tao sa ganitong uri ng daan at pagkatapos ay ganoon na lamang? Siyempre hindi. Sa katunayan, gaano man katayog ang mga mithiin ng tao, gaano man kamakatotohanan ang mga pagnanais ng tao o gaano man maaaring kaangkop ang mga ito, ang lahat ng ninanais matamo ng tao, ang lahat ng hinahanap ng tao, ay pawang nauugnay sa dalawang salita. Ang dalawang salitang ito ay lubhang mahalaga sa buhay ng bawa’t tao, at ang mga ito ay mga bagay na binabalak na ikintal ni Satanas sa tao. Ano ang dalawang salitang ito? Ang mga ito ay “katanyagan” at “pakinabang.” Si Satanas ay gumagamit ng isang napakatusong uri ng paraan, isang paraang lubos na kaayon ng mga kuru-kuro ng mga tao, na hindi naman radikal, kung saan ay nagiging sanhi na walang kamalayang tanggapin ng mga tao ang uri ng pamumuhay nito,

ang mga patakaran nito upang mabuhay, at magtatatag ng mga layunin sa buhay at kanilang direksyon sa buhay, at sa ganoon nagkakaroon din sila ng mga ambisyon sa buhay nang hindi namamalayan. Gaano man katayog magmistula ang mga mithiing ito sa buhay, ang mga ito ay pawang nauugnay sa “katanyagan” at “pakinabang”. Sinumang dakila o tanyag na tao—lahat ng tao, sa katunayan—anumang bagay na sinusunod nila sa buhay ay nauugnay lamang sa dalawang salitang ito: “katanyagan” at “pakinabang.” Iniisip ng mga tao na sa sandaling magkaroon sila ng katanyagan at pakinabang, maaari na nila kung gayong samantalahin ang mga ito upang tamasahin ang mataas na katayuan at malaking kayamanan, at upang masiyahan sa buhay. Iniisip nila na ang katanyagan at pakinabang ay mga uri ng puhunan na maaari nilang gamitin upang magkamit ng isang buhay na mapaghanap-ng-kaluguran at walang-pakundangan sa pagtatamasa ng laman. Alang-alang sa katanyagan at pakinabang na ito na iniimbot ng sangkatauhan, ang mga tao ay kusang-loob, hindi man namamalayan, na ibinibigay ang kanilang mga katawan, mga isip, at lahat ng mayroon sila, ang kanilang kinabukasan at kanilang mga tadhana, kay Satanas. Ginagawa nila ito nang wala ni isang sandali ng pag-aatubili, kailanman ay mangmang sa pangangailangan na mabawi ang lahat ng naibigay na nila. Mapapanatili ba ng mga tao ang anumang kontrol sa kanilang mga sarili sa sandaling manganlong sila kay Satanas sa ganitong paraan at maging tapat dito? Tiyak na hindi. Sila ay ganap at lubos na kontrolado ni Satanas. Sila rin ay ganap at lubos na nalublob sa isang putikan, at hindi magawang mapalaya ang kanilang mga sarili. Kapag ang isang tao ay nasadlak sa katanyagan at pakinabang, hindi na nila hinahanap ang maliwanag, ang matuwid, o ang mga bagay na maganda at mabuti. Ito ay dahil sa ang nakatutuksong kapangyarihan na mayroon ang katanyagan at pakinabang sa mga tao ay napakalaki; at ang mga ito ay nagiging mga bagay para hangarin ng mga tao sa buong buhay nila at maging sa walang hanggan nang walang katapusan. Hindi ba ito totoo? Ilang tao ang magsasabing ang pagkatuto ng kaalaman ay katulad lamang ng pagbabasa ng mga aklat o pagkatuto ng ilang bagay na hindi pa nila

alam upang hindi mahuli sa mga panahon o hindi mapag-iwanan ng mundo. Ang kaalaman ay pinag-aaralan lamang upang makapaglagay sila ng pagkain sa hapag, para sa kanilang sariling kinabukasan, o para sa pangunahing mga pangangailangan. Mayroon bang kahit sinong tao ang magtitiis ng isang dekada ng puspusang pag-aaral para lamang sa pangunahing mga pangangailangan, para lamang lutasin ang usapin ng pagkain? Wala, walang mga taong ganito. Kaya bakit nagpapakahirap ang isang tao sa lahat ng mga taon na ito? Ito ay para sa katanyagan at pakinabang. Ang katanyagan at pakinabang ay naghihintay sa hinaharap para sa kanila, tumatawag sa kanila, at naniniwala sila na sa pamamagitan ng kanilang sariling sipag, mga paghihirap at pagpupunyagi saka lamang nila masusundan ang daan na magdadala sa kanila sa katanyagan at pakinabang. Ang nasabing tao ay dapat pagdusahan ang mga paghihirap na ito para sa kanilang sariling hinaharap na landas, para sa kanilang hinaharap na kasiyahan at upang magkamit ng mas magandang buhay. Ano naman kaya ang kaalamang ito—maaari ba ninyong sabihin sa Akin? Hindi ba ito ang mga patakaran ng pamumuhay na ikinintal sa mga tao, mga patakarang itinuturo sa kanila ni Satanas sa kalagitnaan ng kanilang pagkatuto ng kaalaman? Hindi ba ito ang “matatayog na mithiin” ng buhay na ikinintal sa tao ni Satanas? Gaya halimbawa, ang mga ideya ng mga dakilang tao, ang integridad ng mga sikat o matatapang na espiritu ng mga bayani, o ang pagkamaginoo at kabaitan ng mga bida at mga eskrimador sa mga nobela ng sining ng pakikipaglaban—hindi ba ang lahat ng ito ay paraan kung saan ikinikintal ni Satanas ang mga mithiing ito? (Oo, sila nga.) Ang mga ideyang ito ay nakakaimpluwensya sa sali’t salinlahi, at ang mga tao sa bawat salinlahi ay tinuturuang tanggapin ang mga ideyang ito, upang mabuhay para mga ideyang ito at hangarin ang mga ito nang walang katapusan. Ito ang daan, ang lagusan, na kung saan ginagamit ni Satanas ang kaalaman upang gawing tiwali ang tao.

Hinango mula sa “Ang Diyos Mismo, ang Natatangi VI” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang ginagawa ng siyensiya ay pinahihintulutan lamang nito ang mga tao na makita ang mga bagay sa pisikal na mundo at binibigyang kasiyahan lamang ang pagkamausisa ng tao, ngunit hindi nito bibigyang kakayanan ang tao na makita ang mga batas na sa pamamagitan ng mga ito'y mayroong kapamahalaan ang Diyos sa lahat ng bagay. Tila nakakahanap ang tao ng mga kasagutan mula sa siyensiya, ngunit ang mga kasagutang iyon ay nakalilito at nagdadala lamang ng panandaliang kasiyahan, kasiyahan na nagsisilbi lamang na ikulong ang puso ng tao sa pisikal na mundo. Nararamdaman ng tao na nakuha nila ang mga kasagutan mula sa siyensiya, kaya naman anumang usapin ang lumitaw, sinisikap nilang patunayan o tanggapin ito batay sa kanilang mga siyentipikong pananaw. Naangkin na ng siyensiya ang puso ng tao at naaakit nito hanggang hindi na iniintindi ng tao na makilala ang Diyos, sambahin ang Diyos, at paniwalaan na ang lahat ng bagay ay nanggagaling sa Diyos at dapat na sa Kanya maghanap ang tao ng mga kasagutan. Hindi ba ito totoo? Habang lalong naniniwala ang isang tao sa siyensiya, mas lalo silang nagiging kakatwa, naniniwalang ang lahat ay may siyentipikong solusyon, na lahat ay kayang lutasin ng pananaliksik. Hindi nila hinahanap ang Diyos at hindi sila naniniwala na Siya ay umiiral; maging ang ilang tao na sumusunod sa Diyos sa loob ng maraming taon ay hahayo at magsasaliksik tungkol sa bakterya sa isang iglap o maghahanap ng impormasyon para masagot ang isang usapin. Ang taong ganoon ay hindi tumitingin sa mga usapin mula sa perspektibo ng katotohanan at kadalasan ay gusto nilang dumepende sa mga siyentipikong pananaw o kaalaman o mga siyentipikong kasagutan para lutasin ang mga problema; hindi sila dumedepende sa Diyos at hindi nila hinahanap ang Diyos. Taglay ba ng mga taong ganito ang Diyos sa kanilang mga puso? (Hindi.) Mayroon pa ngang ilang tao na gustong saliksikin ang Diyos kung paanong pinag-aaralan nila ang siyensiya. Halimbawa, maraming ekspertong relihiyoso ang nakapunta na sa bundok kung saan napadpad ang arko, at sa gayon ay napatunayan nila na mayroon ngang arko. Ngunit hindi nila nakikita ang pag-iral ng Diyos sa paglitaw ng arko. Naniniwala lamang sila

sa mga kuwento at sa kasaysayan; ito ang resulta ng kanilang siyentipikong pananaliksik at pag-aaral ng pisikal na mundo. Kapag nagsasaliksik ka sa mga materyal na bagay, maging ito man ay mikrobiyolohiya, astronomiya, o heograpiya, hindi mo kailanman mahahanap ang isang resulta na nagsasabing umiiral ang Diyos o na mayroon Siyang kapamahalaan sa lahat ng bagay. Kung gayon, ano ang ginagawa ng siyensiya para sa tao? Hindi ba nito inilalayo ang tao mula sa Diyos? Hindi ba nito pinahihintulutan ang mga tao na pag-aralan ang Diyos? Hindi ba nito mas pinagdududa ang mga tao tungkol sa pag-iral ng Diyos? (Oo.) Kung gayon, paano gustong gamitin ni Satanas ang siyensiya upang gawing tiwali ang tao? Hindi ba gusto ni Satanas na gamitin ang mga konklusyong siyentipiko upang linlangin at gawing manhid ang mga tao, at gamitin ang mga hindi tiyak na kasagutan upang panghawakan ang puso ng mga tao upang hindi na sila maghanap pa o maniwala sa pag-iral ng Diyos? (Oo.) Ito ang dahilan kaya natin sinasabi na ang siyensiya ay isa sa mga paraan na ginagawang tiwali ni Satanas ang mga tao.

Hinango mula sa “Ang Diyos Mismo, ang Natatangi V” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Bumuo at nag-imbento si Satanas ng maraming kuwentong bayan o mga kuwento sa mga aklat ng kasaysayan, iniiwan sa mga tao ang malalalim na impresyon ng tradisyonal na kultura o mga mapamahiing imahe. Halimbawa, sa Tsina ay may “Ang Walong Imortal na Tumatawid ng Dagat,” “Paglalakbay Tungo sa Kanluran,” ang Emperador ng Jade, “Ang Paglupig ni Nezha sa Haring Dragon,” at “Ang Pagtatalaga ng mga Diyos.” Hindi ba nakaugat na nang husto ang mga ito sa isip ng tao? Kahit na hindi nalalaman ng ilan sa inyo ang lahat ng detalye, alam pa rin ninyo ang mga pangkalahatang kuwento, at ang pangkalahatang nilalaman nito ang namamalagi sa iyong puso at sa iyong isip, upang hindi mo makakalimutan ang mga ito. Ito ang sari-saring ideya o alamat na inihanda ni Satanas para sa tao noon pa man, at naipakalat na sa iba’t ibang panahon. Ang mga ito ay tuwirang pumipinsala at nagpapahina sa mga kaluluwa ng mga tao at

ginagayuma nang sunod-sunod ang mga tao. Ibig sabihin noon ay sa sandaling natanggap mo na ang gayong tradisyonal na kultura, mga kwento, o mapamahiing mga bagay, kapag ang mga ito ay naitatag sa iyong isip, at kapag nanguyapit ang mga ito sa iyong puso, kung gayon ay para kang nagayuma—nasasadlak ka at naiimpluwensyahan nitong mga kultural na patibong, ng mga ideya at tradisyonal na mga kuwentong ito. Iniimpluwensyahan ng mga ito ang iyong buhay, ang iyong pananaw sa buhay, at ang iyong paghatol sa mga bagay-bagay. Lalong higit na iniimpluwensyahan ng mga ito ang iyong paghahangad para sa tunay na daan ng buhay: Ito ay talagang isang masamang gayuma. Anuman ang gawin mo, hindi mo maipapagpag ang mga ito; sinisibak mo ang mga ito nguni't hindi mo kayang maibuwal; hinahampas mo ang mga ito nguni't hindi mo matatalo. Dagdag pa rito, pagkatapos na ang mga tao ay mapasailalim nang hindi namamalayan sa ganitong uri ng gayuma, sila ay nagsisimulang sumamba kay Satanas nang hindi namamalayan, itinataguyod ang imahe ni Satanas sa kanilang mga puso. Sa madaling salita, itinatatag nila si Satanas bilang kanilang diyus-diyosan, isang bagay para kanilang sambahin at tingalain, humahantong pa hanggang sa pagtuturing dito bilang Diyos. Nang hindi namamalayan, ang mga bagay na ito ay nasa puso ng mga tao, kumokontrol sa kanilang mga salita at mga gawa. Higit pa rito, itinuturing mo noon na huwad ang mga kuwento at mga alamat na ito, at pagkatapos kinikilala mo nang hindi namamalayan ang pag-iral nila, ginagawa silang mga totoong pigura at ginagawa silang mga totoo, umiiral na mga bagay. Sa iyong kawalang-kamalayan, tinatanggap mo nang hindi namamalayan ang mga ideyang ito at ang pag-iral ng mga bagay na ito. Tinatanggap mo rin nang hindi namamalayan ang mga diyablo, si Satanas at mga diyus-diyosan sa iyong sariling tahanan at sa iyong sariling puso—isa nga itong gayuma.

Hinango mula sa "Ang Diyos Mismo, ang Natatangi VI" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ginagawang tiwali ni Satanas ang tao sa pamamagitan ng kalakarang

panlipunan. Kabilang sa “mga kalakarang panlipunan” na ito ang maraming bagay. Sinasabi ng ilang tao na: “Nangangahulugan ba ito ng mga pinakabagong uso, mga pampaganda, mga istilo ng buhok, at masasarap na pagkain?” Ang mga ito ba’y itinuturing na kalakarang panlipunan? Ang mga ito ay isang bahagi ng mga kalakarang panlipunan, subali’t hindi natin pag-uusapan ang mga ito dito. Nais lamang nating pag-usapan ang tungkol sa mga ideyang idinudulot ng mga kalakarang panlipunan sa mga tao, kung paano ang mga ito nagiging sanhi sa paggawi ng mga tao sa mundo, at ang mga layunin sa buhay at pananaw na idinudulot ng mga ito sa mga tao. Ang mga ito ay napakahalaga; makokontrol at maiimpluwensyahan ng mga ito ang kalagayan ng pag-iisip ng isang tao. Ang mga kalakarang ito ay lumilitaw isa-isa, at lahat ng mga ito ay nagdadala ng isang masamang impluwensya na patuloy na nagpapababa sa sangkatauhan, na nagiging sanhi upang mawalan ang mga tao ng konsensya, pagkatao at katinuan, na lalo pang nagpapahina ng kanilang mga moral at kanilang kalidad ng karakter, hanggang sa masasabi nating karamihan ng mga tao ngayon ay walang integridad, walang pagkatao, ni anumang konsensya, at lalo’t higit ng anumang katinuan. Kaya ano ang mga kalakarang ito? Ito ang mga kalakarang hindi mo makikita gamit ang karaniwang mata lamang. Kapag ang isang bagong kalakaran ay lumalaganap sa mundo, marahil maliit na bilang lamang ng mga tao ang nangunguna, gumaganap bilang mga tagapagpauso. Nagsisimula sila sa paggawa ng ilang bagong bagay, pagkatapos ay tinatanggap ang ilang uri ng ideya o ilang uri ng pananaw. Ang karamihan sa mga tao, gayunpaman, sa gitna ng kanilang kawalan ng kamalayan, ay patuloy pa ring mahahawa, magiging bahagi at maaakit ng ganitong uri ng kalakaran, hanggang sa tatanggapin nilang lahat ito nang hindi namamalayan at nang walang kusa at maging lubog dito at kontrolado nito. Isa-isa, ang mga kalakarang iyon ay nagiging sanhi upang ang mga tao, na wala sa matinong pangangatawan at pag-iisip, hindi nalalaman kung ano ang katotohanan, at hindi nakikilala ang kaibahan sa pagitan ng positibo at negatibong mga bagay, na tanggapin nang maluwag sa kalooban ang mga kalakarang ito pati na rin ang mga pananaw sa

buhay at ang mga pagpapahalaga na nanggagaling kay Satanas. Tinatanggap nila kung ano ang sinasabi sa kanila ni Satanas kung paano pakitunguhan ang buhay at ang paraan ng pamumuhay na "ipinagkakaloob" sa kanila ni Satanas, at wala silang taglay na lakas, ni kakayahan, lalo na ang kamalayan, upang lumaban. …

… Ginagamit ni Satanas ang mga kalakarang panlipunan na ito upang dahan-dahang akitin ang mga tao sa pugad ng mga diablo, sa gayon ang mga taong naipit sa mga kalakarang panlipunan ay walang kamalayang nanghihikayat sa pagnanasa para sa salapi at materyal, at sa kasamaan at karahasan. Sa sandaling ang mga bagay na ito ay makapasok sa puso ng tao, nagiging ano kung gayon ang tao? Ang tao ay nagiging ang diablong si Satanas! Bakit? Ito ay dahil sa anong sikolohikal na pagkahilig sa puso ng tao? Ano ang itinataguyod ng tao? Nagsisimulang magustuhan ng tao ang kasamaan at karahasan, na hindi nagpapakita ng anumang pagmamahal sa kagandahan at kabutihan, lalo na sa kapayapaan. Hindi nakahandang isakabuhayan ng tao ang simpleng buhay ng normal na pagkatao, sa halip nais na tamasahin ang mataas na katayuan at malaking kayamanan, ang magpakasaya sa mga pagnanasa ng laman, na hindi nag-aatubiling bigyan-kasiyahan ang sarili nilang laman, nang walang mga paghihigpit, walang mga gapos na pipigil sa kanila; sa madaling salita, ginagawa ang anumang naisin nila. Kaya kapag ang tao ay nalubog sa ganitong mga uri ng mga kalakaran, makatutulong ba ang kaalaman na natutuhan mo upang palayain mo ang iyong sarili? Makatutulong ba sa iyo ang iyong pagkaunawa sa mga tradisyunal na kultura at mga pamahiin upang makatakas sa kakila-kilabot na kalagayang ito? Makatutulong ba sa kanila ang tradisyunal na moralidad at tradisyunal na seremonya na nauunawaan ng tao na magsanay ng pagpipigil? Kunin nating halimbawa ang Tatlong Klasikong Karakter. Matutulungan ba nito ang mga tao na hilahing palabas ang kanilang mga paa mula sa putikan ng mga kalakarang ito? (Hindi, hindi maaari.) Sa ganitong paraan, ang tao ay nagiging higit na mas masama, mayabang, mapagmataas, makasarili, at malisyoso. Wala nang anumang pagmamahal sa pagitan ng mga tao, wala nang anumang pagmamahal sa

pagitan ng mga miyembro ng pamilya, wala nang anumang pagkakaunawaan sa mga magkakamag-anak at magkakaibigan; ang mga ugnayang pantao ay puno ng karahasan. Nais gamitin ng bawat isang tao ang mararahas na pamamaraan upang mabuhay sa gitna ng kanilang kapwa tao; sinasamsam nila ang sarili nilang kabuhayan gamit ang karahasan; nakakamit nila ang kanilang mga posisyon at ang kanilang mga kita gamit ang karahasan, at ginagawa nila ang anumang naisin nila gamit ang mararahas at masasamang paraan. Hindi ba nakakatakot ang ganitong sangkatauhan? (Oo.)

Hinango mula sa "Ang Diyos Mismo, ang Natatangi VI" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

May anim na pangunahing mga pandaraya na ginagamit ni Satanas upang gawing tiwali ang tao.

Ang una ay kontrol at pamumuwersa. Iyon ay, gagawin ni Satanas ang lahat ng maaaring gawin upang kontrolin ang iyong puso. Ano ang ibig sabihin ng "pamumuwersa"? Nangangahulugan ito ng paggamit ng pagbabanta at sapilitang taktika upang pilitin kang sumunod dito, na pinag-iisip ka sa mga maaaring mangyari kung hindi ka susunod. Natatakot ka at hindi nangangahas na salungatin ito, kaya nagpapasakop ka rito.

Ang ikalawa ay ang pandaraya at panlalansi. Ano ang kaakibat ng "pandaraya at panlalansi"? Bumubuo si Satanas ng ilang kuwento at mga kasinungalingan, na nilalansi ka na paniwalaan ang mga ito. Kailanman hindi nito sinasabi sa iyo na ang tao ay nilikha ng Diyos, ngunit hindi rin nito direktang sinasabi na ikaw ay hindi ginawa ng Diyos. Hindi nito ginagamit ang salitang "Diyos" sa anumang paraan, ngunit sa halip ay gumagamit ng iba pang bagay bilang kahalili, na ginagamit ang bagay na ito upang linlangin ka nang sa gayon ay wala kang ideya sa pag-iral ng Diyos. Siyempre, Kasama ng panlalasing ang maraming aspeto, hindi lamang ang isang ito.

Ang ikatlo ay ang sapilitang pagdoktrina. Ano ang sapilitang itinuturo sa mga tao? Ang sapilitang pagdoktrina ay ginagawa ba sa sariling

kagustuhan ng tao? Ginagawa ba ito na may pahintulot ang tao? (Hindi.) Kahit hindi ka pumayag, wala ka nang magagawa. Nadodoktrinahan ka ni Satanas nang hindi mo namamalayan, na ikinikintal sa iyo ang pag-iisip nito, mga patakaran sa buhay nito at ang diwa nito.

Ang ikaapat ay mga pagbabanta at mga pang-aakit. Iyon ay, ginagamit ni Satanas ang iba't ibang mga pandaya upang iyong tanggapin ito, sundin ito, gumawa sa paglilingkod dito. Gagawin nito ang lahat upang makamit ang mga layunin nito. Minsan nagbibigay ito ng maliliit na pabor sa iyo, samantalang inaakit ka nito na magkasala. Kung hindi mo susundin ito, pahihirapan ka nito at parurusahan ka, at gagamit ito ng iba't ibang paraan upang salakayin ka at bitagin ka.

Ang ikalima ay panlilinlang at pagkaparalisa. Ang "panlilinlang at pagkaparalisa" ay ang pagbuo ni Satanas ng ilang mga salitang masarap pakinggan at mga ideya na angkop sa mga kuru-kuro ng mga tao, upang palabasin na parang isinasaalang-alang nito ang pisikal na kalagayan ng kanilang mga buhay at mga kinabukasan, gayong ang totoo ito ay tanging layunin nito na linlangin ka. Pagkatapos ay pinaparalisa ka nito upang hindi mo malaman kung ano ang tama at ano ang mali, sa gayon ikaw ay nalinlang nang hindi mo nalalaman at sasailalim sa kontrol nito.

Ang ikaanim ay ang pagkawasak ng katawan at isip. Aling bahagi ng tao ang winawasak ni Satanas? (Ang isip ng tao at buong pagkatao.) Winawasak ni Satanas ang iyong isip, inaalisan ka ng kakayahang tumutol, na nangangahulugan na ang iyong puso ay dahan-dahang bumabaling kay Satanas nang hindi mo inaasahan. Ikinikintal nito ang mga bagay na ito sa iyo araw-araw, araw-araw na ginagamit ang mga ideya at mga kulturang ito upang impluwensyahan at linangin ka, na dahan-dahang sinisira ka, upang huwag mo nang gustuhing maging isang mabuting tao, upang huwag mo nang naising manindigan para sa tinatawag mong katuwiran. Hindi mo namamalayan, wala ka nang taglay na pagpupursiging lumangoy laban sa agos, sa halip ay magpapatianod na lang dito. Ang "pagkawasak" ay nangangahulugan na labis na pinapahirapan ni Satanas ang mga tao kaya nagiging mga anino na lamang sila ng kanilang sarili, hindi na tao. Dito

tumitira si Satanas, sinasakmal at nilalamon sila.

Bawat isa sa mga pandaraya na ito na ginagamit ni Satanas upang gawing tiwali ang tao ay makapagtatanggal ng kapangyarihan sa tao na lumaban; alinman sa mga ito ay nakamamatay sa mga tao. Sa madaling salita, anuman ang ginagawa ni Satanas at anuman ang pandaraya na ginagamit nito ay makakapagpahina sa iyo, makakapagdala sa iyo sa ilalim ng kontrol ni Satanas at makakapagpapalubog sa iyo sa isang kumunoy ng kasamaan at kasalanan. Ito ang mga pandaraya na ginagamit ni Satanas upang gawing tiwali ang tao.

Hinango mula sa “Ang Diyos Mismo, ang Natatangi VI” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa loob ng libu-libong taon, ito ang naging lupain ng karumihan. Hindi matitiis ang karumihan nito, napakalungkot dito, naglipana ang mga multo sa buong paligid, nanlalansi at nanlilinlang, nagpaparatang nang walang batayan,[8] walang-awa at malupit, niyuyurakan ang bayang ito ng mga multo at iniiwan itong nagkalat ang mga patay na katawan; ang amoy ng pagkabulok ay bumabalot sa lupain at kumakalat sa hangin, at ito ay mahigpit na binabantayan.[9] Sino ang makakakita sa mundo sa kabila ng himpapawid? Mahigpit na ginagapos ng demonyo ang buong katawan ng tao, binubulag nito ang pareho niyang mga mata, at siniselyuhan nang mahigpit ang kanyang mga labi. Nagwala na ang hari ng mga diyablo sa loob ng ilang libong taon, magpahanggang sa ngayon, kung kailan patuloy pa rin nitong mahigpit na binabantayan ang bayan ng mga multo, na para bang ito ay di-mapapasok na palasyo ng mga demonyo; samantala, ang pangkat na ito ng mga asong-tagapagbantay ay nakatitig nang nanlilisik ang mga mata, takot na takot na mahuhuli sila ng Diyos nang hindi nila namamalayan at lilipulin silang lahat, at iiwan sila na walang lugar ng kapayapaan at kaligayahan. Paano kaya nakita kailanman ng mga taong nakatira sa ganitong bayan ng mga multo ang Diyos? Natamasa na ba nila kahit kailan ang pagiging kagiliw-giliw at ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos? Anong pagpapahalaga ang mayroon sila para sa mga bagay sa mundo ng

tao? Sino sa kanila ang maaaring makaunawa sa sabik na kalooban ng Diyos? Hindi na gaanong nakapagtataka, kung gayon, na nananatiling ganap na nakatago ang Diyos na nagkatawang-tao: Sa isang madilim na lipunang tulad nito, kung saan ang mga demonyo ay walang puso at hindi makatao, paanong matitiis ng hari ng mga diyablo, na pumapatay ng mga tao nang walang pakundangan, ang pag-iral ng isang Diyos na kaibig-ibig, mabait, at banal din? Paano nito maaaring papurihan at ipagsaya ang pagdating ng Diyos? Ang mga sunud-sunurang ito! Sinusuklian nila ng poot ang kabaitan, matagal na nilang hinamak ang Diyos, inaabuso nila ang Diyos, sukdulan ang kanilang kalupitan, wala sila ni bahagyang pagsasaalang-alang para sa Diyos, nandarambong sila at nanloloob, nawalan na silang lubusan ng budhi, wala silang konsensya, at tinutukso nila ang mga walang-muwang upang mawalan ng katwiran. Mga ninuno ng sinauna? Minamahal na mga lider? Tinutulan nilang lahat ang Diyos! Iniwan ng kanilang panghihimasok ang lahat sa silong ng langit sa isang kalagayan ng kadiliman at ganap na kaguluhan! Kalayaang pangrelihiyon? Lehitimong mga karapatan at mga interes ng mga mamamayan? Ang mga iyon ay mga pandarayang lahat para pagtakpan ang kasalanan! Sino ang nakayakap na sa gawain ng Diyos? Sino ang nagbuwis na ng kanilang buhay o nagpadanak na ng dugo para sa gawain ng Diyos? Sa sali't salinlahi, mula sa mga magulang hanggang sa mga anak, basta na lamang inalipin ng inaliping tao ang Diyos—paano itong hindi magbubunsod ng matinding galit? Ang libu-libong taon ng poot ay naiipon sa puso, nakaukit sa puso ang libu-libong taon ng pagkamakasalanan—paanong hindi ito pupukaw ng pagkasuklam? Ipaghiganti ang Diyos, ganap na lipulin ang Kanyang kaaway, huwag nang hayaan pa itong patuloy na magwala, at huwag na itong hayaang magsimula pa ng problema hangga't gusto nito! Ngayon na ang oras: Matagal nang tinipon ng tao ang lahat ng kanyang lakas, nailaan na niya ang lahat ng kanyang pagsisikap at binayaran ang bawat halaga para dito, upang punitin ang kahindik-hindik na mukha ng demonyong ito at tulutan ang mga tao, na nabulag na, at nagtiis na ng bawat uri ng pagdurusa at paghihirap, na bumangon mula sa kanilang

pasakit at talikuran ang masama at matandang diyablong ito. Bakit naglalagay ng isang di-mapapasok na balakid sa gawain ng Diyos? Bakit gumagamit ng iba't ibang pandaraya upang linlangin ang mga tao ng Diyos? Nasaan ang tunay na kalayaan at lehitimong mga karapatan at mga interes? Nasaan ang katarungan? Nasaan ang kaaliwan? Nasaan ang init? Bakit gumagamit ng madayang mga pakana upang linlangin ang mga tao ng Diyos? Bakit gumagamit ng puwersa para pigilin ang pagdating ng Diyos? Bakit hindi hinahayaan ang Diyos na malayang gumala sa ibabaw ng lupa na nilikha Niya? Bakit tinutugis ang Diyos hanggang wala na Siyang mapagpahingahan man lamang ng Kanyang ulo? Nasaan ang init sa gitna ng mga tao? Nasaan ang pagsalubong sa gitna ng mga tao? Bakit nagdudulot ng gayon katinding pananabik sa Diyos? Bakit patatawagin ang Diyos nang paulit-ulit? Bakit pinipilit ang Diyos na mag-alala para sa Kanyang minamahal na Anak? Sa madilim na lipunang ito, bakit hindi hinahayaan ng nakakaawang mga asong-bantay nito na malayang dumating at umalis ang Diyos sa gitna ng mundong nilikha Niya? Bakit hindi naiintindihan ng tao, ng taong nabubuhay sa gitna ng pasakit at pagdurusa? Alang-alang sa inyo, nagtiis na ang Diyos ng matinding paghihirap, taglay ang matinding pasakit, ibinigay na Niya ang Kanyang minamahal na Anak, ang Kanyang laman at dugo, sa inyo—kaya bakit nagbubulag-bulagan pa rin kayo? Kitang-kita ng lahat, tinatanggihan ninyo ang pagdating ng Diyos, at tinatanggihan ang pakikipagkaibigan ng Diyos. Bakit napakawalang-katwiran ninyo? Nahahanda ba kayong magtiis ng kawalang-katarungan sa madilim na lipunang tulad nito? Bakit, sa halip na pinupuno ninyo ang inyong tiyan ng libu-libong taon ng poot, ay pinapalamnan ninyo ang inyong mga sarili ng "dumi" ng hari ng mga diyablo?

Hinango mula sa "Gawain at Pagpasok (8)" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Bagaman si Satanas ay Mukhang Makatao, Makatarungan at Mabuti, Ang Diwa ni Satanas ay Malupit at Masama

Binubuo ni Satanas ang reputasyon nito sa pamamagitan ng

panlilinlang sa mga tao, at madalas nitong ipinakikita ang sarili nito bilang isang tagapanguna at huwaran ng pagkamakatuwiran. Sa ilalim ng pagpapanggap na ito ay nagbabantay sa pagkamakatuwiran, pinipinsala nito ang mga tao, nilalamon ang kanilang mga kaluluwa, at ginagamit ang lahat ng uri ng paraan upang pamanhirin, linlangin, at buyuin ang tao. Ang layunin nito ay pasang-ayunin ang tao at pasunurin sa masamang pag-uugali nito, upang sumama rito ang tao sa paglaban sa awtoridad at kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos. Gayunman, kapag naging malinaw na ang isang tao hinggil sa mga pagbabalak, pakana at kasuklam-suklam na mga palabas nito at ayaw nang magpatuloy na tapak-tapakan at lokohin nito o patuloy na alipinin nito, o maparusahan at mawasak na kasama nito, binabago ni Satanas ang dating malasantong anyo nito at pinupunit ang huwad na maskara nito upang ibunyag ang tunay nitong mukha, na masama, malisyoso, pangit at mabagsik. Wala itong ibang nais kundi lipulin yaong lahat ng tumatangging sundin ito at yaong mga lumalaban sa masasama nitong mga puwersa. Sa puntong ito, hindi na makakapagpakita si Satanas ng isang mapagkakatiwalaan at maginoong anyo; sa halip, mabubunyag ang tunay na pangit at maladiyablong anyo nito sa likod ng pag-aanyong tupa. Sa sandaling malantad ang mga pakana at tunay na anyo ni Satanas, magpupuyos ito sa labis na pagkapoot at ilalantad ang kalupitan nito. Pagkatapos nito, ang pagnanais nitong pinsalain at lamunin ang mga tao ay lalo lamang titindi. Ito ay dahil sumiklab ito sa galit sa pagkagising ng tao sa katotohanan; at nakabubuo ito ng isang makapangyarihang paghihiganti laban sa tao dahil sa kanilang paghahangad na magkaroon ng kalayaan at kaliwanagan, at makawala mula sa kulungan nito. Ang labis na poot nito ay naglalayong ipagtanggol at pagtibayin ang kasamaan nito at ito rin ay isang tunay na pagbubunyag ng malupit na kalikasan nito.

Sa bawat bagay, inilalantad ng kilos ni Satanas ang masamang kalikasan nito. Mula sa lahat ng masasamang gawa na ginawa ni Satanas sa tao—mula sa naunang mga pagsisikap nito na dayain ang tao upang sundin ito, hanggang sa panggagamit nito sa tao, kung saan ay

kinakaladkad nito ang tao tungo sa masasama nitong gawa, hanggang sa paghihiganti ni Satanas sa tao matapos malantad ang tunay nitong anyo; at nakilala at tinalikdan ito ng tao—wala kahit isa sa mga gawang ito ang nabigong ilantad ang masamang diwa ni Satanas; wala kahit isa ang nabigong patunayan ang katotohanan na si Satanas ay walang kaugnayan sa mga positibong bagay; wala kahit isa ang nabigong patunayan na si Satanas ang pinagmumulan ng lahat ng masasamang bagay. Ang bawat isa sa mga kilos nito ay nangangalaga sa kasamaan nito, nagpapanatili sa pagpapatuloy ng masasamang gawa nito, kumakalaban sa matuwid at positibong mga bagay, at sumisira sa mga batas at kaayusan ng karaniwang pag-iral ng sangkatauhan. Ang mga gawang ito ni Satanas ay laban sa Diyos at ang mga ito ay wawasakin ng poot ng Diyos. Bagaman si Satanas ay may sariling matinding galit, ang matinding galit nito ay isang pamamaraan lamang upang mailabas ang masamang kalikasan nito. Ang dahilan kung bakit si Satanas ay naiinis at galit na galit ay ito: Nalantad ang napakasamang mga pakana nito; ang mga lihim na balak nito ay hindi madaling takasan; ang marahas na mithiin at pagnanasa nito na palitan ang Diyos at kumilos bilang ang Diyos ay napabagsak at nahadlangan; at ang layunin nitong kontrolin ang buong sangkatauhan ay nauwi sa wala at hindi na kailanman makakamit. Ang paulit-ulit na pagtawag ng Diyos sa Kanyang poot, muli’t muli, ang nagpatigil sa pagbubunga ng mga balak at pumigil sa pagdami at paglaganap ng kasamaan ni Satanas. Sa kadahilanang ito, kapwa kinamumuhian at kinatatakutan ni Satanas ang poot ng Diyos. Sa tuwing bumababa ang poot ng Diyos, hindi lamang nito inilalantad ang tunay na kasuklam-suklam na anyo ni Satanas; inilalantad din nito ang masasamang pagnanasa ni Satanas sa liwanag. Kasabay nito, ang mga dahilan ng matinding galit ni Satanas laban sa sangkatauhan ay ganap nang nailalantad. Ang pagsabog ng matinding galit ni Satanas ay isang tunay na pagbubunyag ng masamang kalikasan nito at isang paglalantad ng mga pakana nito. Siyempre, ipinararating ng bawat pagsiklab ng galit ni Satanas ang pagkawasak ng masasamang bagay at proteksyon at pagpapatuloy ng mga positibong bagay; ipinararating nito

ang katunayan na hindi maaaring maagrabyado ang poot ng Diyos!

Hinango mula sa “Ang Diyos Mismo, ang Natatangi II” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang layunin ng pamamahala ng Diyos ay para matamo ang isang grupo ng mga tao na sumasamba sa Diyos at nagpapasakop sa Kanya. Bagama’t nagawa nang tiwali ni Satanas ang mga taong ito ay, hindi na nila itinuturing si Satanas bilang kanilang ama; nakikilala nila ang kasuklam-suklam na mukha ni Satanas at tinatanggihan ito, at humaharap sila sa Diyos upang tanggapin ang Kanyang paghatol at pagkastigo. Nalalaman nila kung ano ang pangit at kung paano ito naiiba roon sa banal, at kinikilala nila ang kadakilaan ng Diyos at ang kasamaan ni Satanas. Ang isang sangkatauhang tulad nito ay hindi na gagawa para kay Satanas, o sasamba kay Satanas, o iidolohin si Satanas. Ito ay dahil sila ay isang grupo ng mga tao na tunay nang nakamit ng Diyos. Ito ang kabuluhan ng gawain ng pamamahala ng Diyos sa sangkatauhan. Sa panahon ng gawain ng pamamahala ng Diyos sa panahong ito, ang sangkatauhan ang pakay kapwa ng pagtitiwali ni Satanas at ng pagliligtas ng Diyos, at ang tao ang produktong pinag-aawayan ng Diyos at ni Satanas. Habang ginagawa ng Diyos ang Kanyang gawain, unti-unti Niyang binabawi ang tao mula sa mga kamay ni Satanas, kaya nga ang tao ay lalo pang napapalapit sa Diyos …

Hinango mula sa “Maaari Lamang Maligtas ang Tao sa Gitna ng Pamamahala ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Mga Talababa:

1. Ang “hindi nalulusaw” ay nilayon bilang panunudyo [satire] dito, na ibig sabihin ay maigting ang mga tao sa kanilang kaalaman, kultura, at espirituwal na pananaw.

2. Ang “malayang gumagala, nang hindi nasasakop ng batas” ay nagpapahiwatig na nagagalit at naghuhuramentado ang diyablo.

3. Ang “ganap na magulo” ay tumutukoy sa kung paanong hindi makayanang tingnan ang marahas na pag-uugali ng diyablo.

4. Ang “lamog at bugbog” ay tumutukoy sa pangit na mukha ng hari ng mga diyablo.

5. Ang ibig sabihin ng “sapalarang isinusugal ang lahat nang minsanan” ay itaya ang lahat ng pera ng isang tao sa pag-asang manalo sa huli. Ito ay isang metapora para sa masama at karumal-dumal na mga pakana ng diyablo. Ginagamit ang pahayag na ito nang patuya.

6. Ang “lunukin” ay tumutukoy sa marahas na pag-uugali ng hari ng mga diyablo, na sinasaklot nang buo ang mga tao.

7. Ang “magkakasabuwat sa krimen” ay kapareho ng uri ng “isang grupo ng mga butangero.”

8. Ang “nagpaparatang nang walang batayan” ay tumutukoy sa mga paraan kung paano pinipinsala ng diyablo ang mga tao.

9. Ang “mahigpit na binabantayan” ay nagpapahiwatig na ang mga paraan kung saan pinahihirapan ng diyablo ang mga tao ay lalo nang malupit, at kontrolado nang labis ang mga tao na wala na silang makilusan.

a. Ang Apat na Aklat at Limang Klasiko ay mapagkakatiwalaang tumpak na mga aklat ng Confucianism sa China.

113. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa Iba’t Ibang Masasamang Espiritu

(1) Lahat ng mga sinasapian ng mga demonyo, o ang mga taong kadalasang may masasamang espiritung nananahan sa kanila, ay mga masasamang espiritu mismo. Mga masasamang espiritu ang lahat ng taong namumuhi sa katotohanan at mabangis na lumalaban sa Diyos;

(2) Masasamang espiritu ang lahat ng nagbabalat-kayo bilang mga panganay na anak ng Diyos o mga anghel; ang mga taong hindi nagpapatotoo para sa tunay na Diyos kundi para sa kanilang mga sarili; at ang mga taong naghahangad na maging mga diyos sa pamamagitan ng paglilinang sa sarili;

(3) Tiyak na masasamang espiritu ang sinumang hindi ganap na nauunawaan ang mga salita ng Diyos, ngunit sila ay sadyang huwad at hangal, patuloy na hindi nauunawaan ang Kanyang mga salita at nagbubuga ng mga kabulaanan;

(4) Tiyak na masasamang espiritu ang sinumang tumatanggi, umaatake, at lumalapastangan sa Diyos, ang mga nagkikimkim ng

espesyal na pagkamuhi para sa katotohanan, para sa mga positibong bagay, at para sa mga hinirang na tao ng Diyos.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang mga pagpapamalas ng malaking pulang dragon ay paglaban sa Akin, kawalan ng pagkaunawa at pag-abot sa mga kahulugan ng Aking mga salita, madalas na pang-uusig sa Akin, at paghahangad na gumamit ng mga pakana para gambalain ang Aking pamamahala. Si Satanas ay ipinamamalas ang sumusunod: pakikipagtunggali sa Akin para sa kapangyarihan, pagnanais na angkinin ang Aking hinirang na bayan, at paglalabas ng mga negatibong salita para linlangin ang Aking bayan. Ang mga pagpapamalas ng diyablo (yaong mga hindi tumatanggap sa Aking pangalan, na hindi naniniwala, ay diyablong lahat) ay ang sumusunod: pag-iimbot sa mga kasiyahan ng laman, pagpapasasa sa masasamang pagnanasa, pamumuhay sa ilalim ng pagkagapos kay Satanas, ang ilan ay lumalaban at ang ilan ay sumusuporta sa Akin (ngunit hindi pinapatunayan na sila ay Aking mga minamahal na anak). Ang mga pagpapamalas ng arkanghel ay ang sumusunod: pagsasalita nang walang-galang, pagiging di-makaDiyos, malimit na paggaya ng Aking tono para turuan ang mga tao, pagtutuon lamang sa panlabas na paggaya sa Akin, pagkain ng Aking kinakain at paggamit ng Aking ginagamit; sa madaling salita, pagnanais na makapantay Ko, pagiging ambisyoso ngunit wala ng Aking katangian at hindi nagtataglay ng Aking buhay, pagiging isang patapon. Si Satanas, ang diyablo, at ang arkanghel ay tipikal na paglalarawang lahat ng malaking pulang dragon, kaya yaong mga hindi Ko paunang-itinalaga at pinili ay mga anak lahat ng malaking pulang dragon: Iyan ay lubusang ganoon! Ang mga ito ay mga kaaway Kong lahat. (Gayunpaman ang mga panggagambala ni Satanas ay hindi kasama. Kung ang iyong kalikasan ay Aking katangian, walang sinumang makapagbabago nito. Dahil ngayon ay namumuhay ka pa rin sa laman, paminsan-minsan ay mapapaharap ka sa mga panunukso ni Satanas—ito ay di-maiiwasan—ngunit dapat kang laging mag-ingat.) Samakatuwid, tatalikuran Ko ang lahat ng anak ng malaking pulang dragon sa labas ng Aking mga panganay na anak. Ang kanilang kalikasan ay hindi

kailanman magbabago, at ito ang katangian ni Satanas. Ang diyablo ang kanilang ipinamamalas, at ang arkanghel ang kanilang isinasabuhay. Ito ay lubusang totoo. Ang malaking pulang dragon na Aking sinasabi ay hindi isang malaking pulang dragon; bagkus ito ay ang masamang espiritu na kalaban Ko, kung saan ang "malaking pulang dragon" ay isang kasing-kahulugang salita. Kaya lahat ng espiritu bukod sa Banal na Espiritu ay masasamang espiritu, at masasabi ring ang anak ng malaking pulang dragon. Ang lahat ay dapat na maging malinaw sa lahat.

Hinango mula sa "Kabanata 96" ng Mga Pagbigkas ni Cristo sa Pasimula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung, sa kasalukuyan, mayroong isang taong lalabas na kayang magpakita ng mga tanda at mga kababalaghan, magtaboy ng mga demonyo, magpagaling ng mga may sakit, at gumawa ng maraming himala, at kung ang taong ito ay inangking siya si Jesus na dumating, isa itong huwad na ginawa ng mga masasamang espiritung gumagaya kay Jesus. Tandaan ito! Hindi inuulit ng Diyos ang magkaparehong gawain. Nakumpleto na ang yugto ng gawain ni Jesus, at hindi na muling pangangasiwaan ng Diyos ang yugtong iyon ng gawain. Ang gawain ng Diyos ay hindi maipagkakasundo sa mga kuro-kuro ng tao; halimbawa, hinulaan ng Lumang Tipan ang pagdating ng isang Mesiyas, at ang resulta ng propesiyang ito ay ang pagdating ni Jesus. Yamang nangyari na ito, magiging mali na may panibagong Mesiyas na darating. Dumating nang minsan si Jesus, at magiging mali kung darating pang muli si Jesus sa oras na ito. Mayroong isang pangalan para sa bawat kapanahunan, at nagtataglay ang bawat pangalan ng paglalarawan ng kapanahunang ito. Sa mga kuro-kuro ng tao, dapat palaging magpakita ang Diyos ng mga tanda at mga kababalaghan, dapat palaging magpagaling ng mga may sakit at magtaboy ng mga demonyo, at dapat palaging maging katulad ni Jesus. Subalit sa oras na ito, hindi ganoon ang Diyos. Kung, sa mga huling araw, nagpapakita pa rin ang Diyos ng mga tanda at mga kababalaghan, at nagtataboy pa rin ng mga demonyo at nagpapagaling ng mga may sakit—

kung gagawin Niya ang eksaktong ginawa ni Jesus—uulitin ng Diyos ang kaparehong gawain, at mawawalan ng kabuluhan o halaga ang gawain ni Jesus. Kaya naman, isinasakatuparan ng Diyos ang isang yugto ng gawain sa bawat kapanahunan. Kapag natapos na ang bawat yugto ng gawain Niya, agad itong ginagaya ng mga masasamang espiritu, at pagkatapos simulang sundan ni Satanas ang mga yapak ng Diyos, lumilipat ang Diyos tungo sa ibang kaparaanan. Kapag natapos na ng Diyos ang isang yugto ng gawain Niya, ginagaya ito ng mga masasamang espiritu. Dapat malinaw kayo tungkol dito.

Hinango mula sa "Pagbabatid sa Gawain ng Diyos Ngayon" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

May ilang sinasaniban ng masasamang espiritu at malakas na sumisigaw ng, "Ako ang Diyos!" Ngunit sa katapusan, sila ay nabubunyag dahil sila ay mali sa kanilang kinakatawan. Kinakatawan nila si Satanas, at hindi sila binibigyang-pansin ng Banal na Espiritu. Gaano man kataas ang pagpapahalaga mo sa iyong sarili o gaano ka man kalakas sumigaw, ikaw ay isang nilalang pa rin at isa na nabibilang kay Satanas. Kailanman ay hindi Ako sumisigaw ng, "Ako ang Diyos, Ako ang sinisintang Anak ng Diyos!" Ngunit ang gawaing ginagawa Ko ay gawain ng Diyos. Kailangan Ko bang sumigaw? Hindi kailangan ang pagpaparangal. Ginagawa ng Diyos Mismo ang Kanyang gawain at hindi kailangan ng tao na bigyan Siya ng isang katayuan o kagalang-galang na titulo: kinakatawan na ng Kanyang gawain ang Kanyang pagkakakilanlan at katayuan. Bago ang Kanyang bautismo, hindi ba't si Jesus ang Diyos Mismo? Hindi ba't Siya ang nagkatawang-taong Diyos? Tiyak na hindi maaaring sabihin na naging tanging Anak ng Diyos lamang Siya pagkatapos Niyang napatotohanan? Wala bang tao na may pangalang Jesus sa matagal na panahon bago Siya nagsimula ng Kanyang gawain? Hindi mo kayang maghatid ng mga bagong landas o kumatawan sa Espiritu. Hindi mo kayang ipahayag ang gawain ng Espiritu o ang mga salita na sinasabi Niya. Hindi mo kayang gawin ang gawain ng Diyos Mismo o yaong sa Espiritu. Ang karunungan,

pagiging kamangha-mangha, at pagiging di-maarok ng Diyos, at ang buong disposisyon sa pagkastigo ng Diyos sa tao—lahat ng ito ay higit sa iyong kakayahang magpahayag. Kaya walang saysay na angkinin mo na ikaw ang Diyos; magkakaroon ka lamang ng pangalan ngunit hindi ng diwa. Dumating na ang Diyos Mismo, ngunit walang nakakakilala sa Kanya, gayunman patuloy Siya sa Kanyang gawain at ginagawa ang gayon sa pagkatawan sa Espiritu. Tawagin mo man Siyang tao o Diyos, ang Panginoon o Cristo, o tawagin Siyang kapatid na babae, hindi ito mahalaga. Ngunit ang gawaing ginagawa Niya ay yaong sa Espiritu at kumakatawan sa gawain ng Diyos Mismo. Wala Siyang pakialam sa pangalan na itinatawag sa Kanya ng tao. Puwede bang matukoy ng pangalang iyon ang Kanyang gawain? Anuman ang itawag mo sa Kanya, sa pananaw ng Diyos, Siya ang nagkatawang-taong laman ng Espiritu ng Diyos; kinakatawan Niya ang Espiritu at sinasang-ayunan ng Espiritu. Kung hindi mo kayang gumawa ng daan para sa isang bagong kapanahunan, o dalhin ang dati sa katapusan, o maghatid ng isang bagong kapanahunan o gumawa ng bagong gawain, hindi ka maaaring tawaging Diyos!

Hinango mula sa “Ang Hiwaga ng Pagkakatawang-tao (1)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sinasabi ng ilang tao na gumagawa sa kanila ang Banal na Espiritu sa lahat ng oras. Imposible ito. Kung sasabihin nila na palaging sumasakanila aang Banal na Espiritu, makatotohanan iyon. Kung sasabihin nila na ang kanilang pag-iisip at katinuan ay normal sa lahat ng oras, makatotohanan din iyon, at ipakikita na sumasakanila ang Banal na Espiritu. Kung sinasabi nila na palaging gumagawa ang Banal na Espiritu sa kalooban nila, na nililiwanagan sila ng Diyos at inaantig ng Banal na Espiritu sa bawat sandali, at nagtatamo ng bagong kaalaman sa lahat ng oras, talagang hindi ito normal! Lubos itong higit sa karaniwan! Walang kaduda-duda, masasamang espiritu ang gayong mga tao! Kahit kapag pumapasok ang Espiritu ng Diyos sa katawang-tao, may mga pagkakataon na kailangan Niyang kumain at kailangang magpahinga—bukod pa riyan ang mga tao.

Yaong mga nasaniban ng masasamang espiritu ay parang walang kahinaan ng katawan. Nagagawa nilang talikdan at isuko ang lahat, wala silang damdamin, kaya nilang tiisin ang pagdurusa at hindi nakadarama ni katiting na pagod, na parang napangibabawan na nila ang katawan. Hindi ba ito lubos na higit sa karaniwan? Ang gawain ng masasamang espiritu ay hindi karaniwan—walang taong makakagawa ng gayong mga bagay! Yaong mga walang paghiwatig ay naiinggit kapag nakikita nila ang gayong mga tao: Sinasabi nila na napakalakas ng kanilang pananalig sa Diyos, may malaking pananampalataya, at hindi nagpapakita ni katiting na tanda ng kahinaan! Sa katunayan, lahat ng ito ay pagpapamalas ng gawain ng isang masamang espiritu. Sapagkat, ang mga normal na tao ay walang pagsalang may mga kahinaan ng tao; ito ang normal na kalagayan ng yaong mga may presensya ng Banal na Espiritu.

Hinango mula sa “Pagsasagawa (4)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Nakakaya mo bang damahin ang iyong kaluluwa? Nakakaya mo bang hipuin ang iyong kaluluwa? Nakakaya mo bang damahin kung ano ang ginagawa ng iyong kaluluwa? Hindi mo alam, di ba? Kung kaya mong damahin o hipuin ang ilang ganyang bagay, kung gayon ito’y isa pang espiritung nasa loob mo na puwersahang may ginagawa—pinagagawa at pinagsasalita ka ng mga bagay-bagay. Iyan ay isang bagay na nasa labas ng sarili mo, hindi likas sa iyo. Ang mga may masamang espiritu ay magkakaroon ng malalim na pagkaunawa rito.

Hinango mula sa “Paano Maunawaan ang Kaugnayan sa Pagitan ng Katawang-tao at ng Espiritu ng Diyos” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kapag walang lumilitaw na mga usapin, may ilang mga taong sadyang normal, na nagsasalita at nakikipag-usap nang sadyang normal, na tila normal, at hindi gumagawa ng anumang masamang bagay. Subalit kapag binabasa ang mga salita ng Diyos sa mga pagtitipon, kapag ibinabahagi na ang katotohanan, bigla silang nagsisimulang umasal nang hindi normal. Hindi makaya ng ilan na makinig, inaantok ang ilan at nagkakasakit naman ang ilan, sinasabing masama ang kanilang pakiramdam at hindi na nila

nais pang makinig. Ganap na wala silang kamalayan—ano ba talaga ang nangyayari rito? Sinapian sila ng masamang espiritu. Kapag sinapian sila ng masamang espiritu, bakit patuloy nilang sinasabi ang mga salitang, “Ayokong marinig ito”? Kung minsan, hindi makayang unawain ng mga tao kung ano ang nangyayari rito, subali’t malinaw na malinaw ito sa isang masamang espiritu. Ito ang espiritu na nakapaloob sa mga anticristo. Tinatanong mo sila kung bakit galit na galit sila sa katotohanan, at sinasabi nilang hindi naman, at mariin nilang tinatanggihang kilalanin ito. Ngunit sa kanilang mga puso, alam nilang hindi nila mahal ang katotohanan. Kapag hindi binabasa ang mga salita ng Diyos, tila sila normal tuwing nakikihalubilo sa iba. Hindi mo malalaman kung ano ang nasasaloob nila. Kapag sinusubukan at binabasa nila ang mga salita ng Diyos, lumalabas ang mga salitang “Ayokong marinig ito”; nalantad na ang kanilang kalikasan, at ganito sila. Ginalit ba sila ng mga salita ng Diyos, o inilantad sila, o tinamaan sila kung saan masakit? Wala isa man sa mga nabanggit. Ang nangyari ay kapag nagbabasa ang lahat ng mga salita ng Diyos, sinasabi nila na ayaw nilang marinig ito. Hindi ba’t masasama sila? (Oo.) Ano ang ibig sabihin ng maging masama? Ibig sabihin nito ay galit na galit ka sa isang bagay at sa mga positibong bagay nang walang malinaw na dahilan at hindi man lamang alam kung bakit. Gusto talaga nilang sabihin na, “Sa sandaling naririnig ko ang mga salita ng Diyos, nasasabi ko ang mga salitang iyon; sa sandaling naririnig ko ang mga patotoo sa Diyos, nakararamdam ako ng pag-ayaw, at hindi ko man lang alam kung bakit. Kapag nakikita ko ang sinuman na hinahanap ang katotohanan, o nagmamahal sa katotohanan, gusto ko silang hamunin, ibig ko silang laging pagalitan, gawan sila ng pinsala kapag nakatalikod sila, ibig ko silang patayin.” Sa pagsasabi nito, sila ay masasama. Sa katunayan, mula pa lamang sa simula, hindi kailanman nagkaroon ng espiritu ng normal na tao ang mga anticristo at hindi kailanman nagkaroon ng normal na pagkatao—Ito ang tunay na nangyayari.

Hinango mula sa “Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (5)” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Ang pinakalitaw na katangian ng gawain ng masasamang espiritu ay ang pagiging higit nito sa karaniwan, na ang mga salitang binibigkas ng masasamang espiritu o mga bagay na ipinapagagawa nila sa mga tao ay hindi normal, hindi lohikal, at ipinagkakanulo pa ang mga pangunahing kabutihang-asal ng normal na pagkatao at mga ugnayang pantao, at sadyang walang ibang nilalayong gawin ang mga ito kundi linlangin, guluhin, at gawing tiwali ang mga tao. Kapag sumasanib ang masasamang espiritu sa mga tao, ang ilan ay nakakaramdam ng labis na takot, ang ilan ay nagiging hindi normal, habang ang iba pa ay nawawalan ng ulirat, at may iba pa na natatagpuan ang kanilang sarili na labis na nababalisa at hindi kayang kumalma. Anuman ang kalagayan, kapag sinasapian ng masasamang espiritu ang mga tao, sila ay nagbabago, nagiging para bang hindi tao ni demonyo, at nawawala ang kanilang normal na pagkatao. Ito ay sapat na para patunayan na ang diwa ng masasamang espiritu ay masama at pangit, na siyang tiyak na diwa ni Satanas. Ginagawa ng masasamang espiritu na kamuhian at kasuklaman sila ng mga tao, at lubos na walang benepisyo o tulong para sa mga tao. Ang tanging mga bagay na kayang gawin ni Satanas at ng lahat ng uri ng masasamang espiritu ay pagtitiwali, pananakit, at pananakmal ng mga tao.

Ang mga pangunahing pagpapamalas ng may gawain ng masasamang espiritu (ang mga sinapian ng mga demonyo) ay:

1. Ang unang uri ay ang madalas na pagsasabi ng masasamang espiritu sa mga tao na gawin ito at iyon, o pagsasabi sa isang tao ng isang bagay, o pag-uutos sa mga tao na magsabi ng mga maling propesiya.

2. Ang ikalawang uri ay ang madalas na pagsasalita ng mga tao ng tinatawag na “wika” sa dasal na walang nakakaunawa, at kahit sila mismong mga nagsasalita ay hindi nauunawaan. Ang ilan pa sa mga nagsasalita ay sila mismo ang “nagbibigay pakahulugan sa mga wika.”

3. Ang ikatlong uri ay ang malimit na pagtanggap ng isang tao ng mga pahayag, na may labis na kadalasan, sa sandaling ito ay minamanduhan sa ganitong paraan ng masasamang espiritu, sa susunod na sandali ay

inuutusan sa ganoong paraan, sa isang tuluy-tuloy na kalagayan ng pagkabalisa.

4. Ang ikaapat na uri ay ang pagmamadali ng mga tao na may gawain ng masasamang espiritu sa pagnanais na gawin ito o iyon, masyadong mainipin para maghintay, hindi nila isinasaalang-alang kung pahihintulutan ba ng mga kondisyon, lumalabas pa nga sila sa kalaliman ng gabi at ang kanilang pag-uugali ay natatanging hindi normal.

5. Ang ikalimang uri ay ang pagiging labis na mapagmataas ng mga taong may gawain ng masasamang espiritu, wala silang katuwiran, at lahat ng kanilang sinasabi ay mapagmaliit at nagmumula sa isang mapang-utos na katayuan. Inilalagay nila ang mga tao sa isang kalituhan, at tulad ng mga demonyo, pinipilit nila ang mga tao na gumawa ng mga bagay-bagay.

6. Ang ikaanim na uri ay ang kawalan ng kakayanan ng mga tao na may gawain ng masasamang espiritu na magbahagi tungkol sa katotohanan, lalo na ang magbigay ng pansin sa gawain ng Diyos, at suwail sila sa Diyos at paiba-iba ng kilos, nagsasagawa ng lahat ng uri ng karahasan para sirain ang normal na kaayusan ng iglesia.

7. Ang ikapitong uri ay ang walang dahilang pagturing ng isang tao na may gawain ng masasamang espiritu sa kanyang sarili bilang ibang tao, o nagsasabing ipinadala siya ng isang tao at dapat makinig sa kanya ang mga tao. Walang sinuman ang nakakaalam kung saan siya nagmula.

8. Ang ikawalong uri ay ang kawalan ng mga tao na may gawain ng masasamang espiritu ng normal na katinuan, ni hindi nila nauunawaan ang anumang katotohanan; hindi sila nagtataglay ng anumang kakayahan na makatanggap at hindi rin nililiwanagan ng Banal na Espiritu, at ang nakikita ng mga tao ay sa pagtanggap ng mga bagay-bagay, labis na walang katotohanan ang mga taong ito at walang kahit kaunting tama.

9. Ang ikasiyam na uri ay ang partikular na pagtutuon ng mga tao na may gawain ng masasamang espiritu sa pagsesermon sa iba habang nagtatrabaho, palagi silang marahas kumilos at palagi silang nagdudulot ng pagkagambala at kaguluhan; lahat ng kanilang ginagawa at sinasabi ay umaatake, gumagapos at nagtitiwali ng ibang tao, at nagagawa din nilang

baliin ang paninindigan ng mga tao at idulot sa kanila na maging negatibo para hindi na nila muling maibangon ang kanilang mga sarili. Sila ay mga demonyo, ganoon kasimple, na nananakit ng iba, pinaglalaruan ang iba at sinasakmal ang iba, at palihim silang nagsasaya kapag nasusunod ang kanilang gusto. Ito ang pangunahing layunin ng gawain ng masasamang espiritu.

10. Ang ikasampung uri ay ang ganap na hindi normal na pamumuhay ng mga tao na may gawain ng masasamang espiritu. Ang kanilang mga mata ay nagpapahiwatig ng nakamamatay na kislap, at ang mga salitang kanilang sinasabi ay labis na nakakapangilabot, na parang bumaba ang isang demonyo sa mundo. Walang kaayusan sa buhay ng ganitong uri ng tao, sila ay pabago-bago, at hindi mahuhulaan tulad ng isang mabangis na hayop na hindi pa nasanay. Sila ay labis na nasusuklam at namumuhi sa iba. Ito ang eksaktong hitsura ng isang taong iginapos ng mga demonyo.

Ang sampung uri sa itaas ang mga pangunahing pagpapahayag ng gawain ng masasamang espiritu. Sinumang tao na nagpapakita ng isa sa mga pagpapahayag na ito ay tiyak na may gawain ng masasamang espiritu. Para maging tiyak, lahat ng nagpapakita ng mga pagpapahayag ng gawain ng masasamang espiritu, anuman ang uring tinataglay nila, ay mga taong may gawain ng masasamang espiritu. Ang tao na inalihan ng masasamang espiritu ay madalas na napopoot at lumalayo sa mga tao kung kanino gumagawa ang Banal na Espiritu at sa mga magagawang ibahagi ang katotohanan. Sa kadalasan, habang mas mahusay ang isang tao, lalong nagnanais na sugurin at kondenahin nila. Kapag mas hangal ang isang tao, lalo nilang sinusubukang akitin at bolahin, at talagang nakahanda na makibahagi sa kanila. Kapag gumawa ang masasamang espiritu, palagi nilang pinagkakamalan ang katotohanan sa kasinungalingan, na sinasabing ang positibo ay negatibo at ang negatibo ay positibo. Ang gayon ay ang mga gawa ng masasamang espiritu. Bagaman maraming paraan kung saan nahahayag ang gawain ng masasamang espiritu, ang tanging paraan para madali itong makilala ay sa paggamit ng katotohanan para sukatin at unawain ito. Ito ay dahil ang

resulta ng gawain ng masasamang espiritu ay lubos na salungat at katunggali ng mga resulta ng gawain ng Banal na Espiritu. Lahat ng mga nakaranas ng gawain ng Banal na Espiritu at may medyo mabuting ppag-unawa ng katotohanan ay madaling nakakakilala sa gawain ng masasamang espiritu, samantalang ang mga tao na walang sapat na karanasan ay may posibilidad na mahirapan sa pagkilala nito.

Ang mga taong inaalihan ng mga demonyo ay walang anumang normal na katinuan. Ang kanilang mga salita ay histerikal at hindi makatuwiran, at ito ay isang malinaw na pagpapakita ng pagsanib ng demonyo. Siyempre, hindi ito kapareho ng reengkarnasyon ng mga demonyo at pagsasatao ng hari ng mga demonyo. Maaaring lumitaw na normal ang mga reengkarnasyon ng mga demonyo, ngunit sukdulan ang kanilang galit sa katotohanan, at sa bawat bagay, palaban sila sa katotohanan, sa katarungan, at kaya nilang desperadong labanan ang gawain ng Diyos. Ito rin, ay isang kaso ng pagsapi ng masasamang espiritu, ngunit ito ay isang likas na pagsasatao ng hari ng mga demonyo, at bagaman ito ay maaaring lumitaw na iba sa panlabas sa isang nakuhang pagsapi ng isang masamang espiritu, sa likas na kakanyahan, pareho itong nagtataglay ng isang masama, satanikong kalikasan, at ito ay masasamang espiritu. Ang mga taong walang alinlangang nasapian ng mga demonyo ay madaling kilalanin. Kapag hindi halata, mukha silang tila normal, ngunit ibinubunyag ng mas malapitang pagsusuri na abnormal sila; ang mga tao ring ito ay tiyak na may gawain ng masasamang espiritu. Ang sinumang may abnormal na katinuan, lubos na malaya sa kanilang pag-uugali, ay tiyak na sinapian ng isang demonyo. Sa istriktong pagsasalita, lahat na nagpapakita ng ano man sa “sampung pagpapakita ng gawain ng masasamang espiritu” ay nasapian na ng mga demonyo. Ang mga taong may gawain ng masasamang espiritu (sa alin mang paraan ito nagpapakita), kung ito tatagal nang maraming buwan o isa o dalawang taon, ay nasapian na ng mga demonyo. Kung ang isang tao ay may gawain ng masasamang espiritu nang ilang araw paminsan-minsan, o hindi hihigit sa isa o dalawang buwan, na nawawala rin pagkatapos, at bumabalik sila

sa normal, at wala nang tanda nito, kung gayon nabibilang sila bilang taong dating may gawain ng masasamang espiritu, at hindi dapat tratuhin sa parehong paraan gaya ng isang nasapian ng mga demonyo. Para makilala ang isang bagay bilang isang pagpapakita ng gawain ng masasamang espiritu, dapat itong mabilang sa loob ng sampung pagpapakita; kung ang isang pagpapakita ay hindi kabilang sa sampu, kung gayon hindi talaga ito ang gawain ng masasamang espiritu. Halimbawa, sinasabi ng ilang tao na ang sleepwalking ay gawain ng masasamang espiritu; na ang matinding mahalay na pagnanasa ay isang halimbawa ng gawain ng masasamang espiritu. Ngunit may mga kaibahan; ang mga bagay na ito ay hindi tiyak. Hindi ka makasisiguro na gawain ito ng masasamang espiritu ayon lamang sa mga pagpapakitang ito; binibilang lang ang isang bagay bilang gawain ng masasamang espiritu o paagsapi ng isamg demonyo kung ang pagpapakita nito ay sadyang abnormal, hanggang sa ito ay hindi makatwiran. Kung ang isang tao ay nagpapakita paminsan-minsan ng isang bagay na medyo hindi pangkaraniwan, o nakakakita ng isang bagay, nakakarinig ng isang bagay, o nananaginip ng isang bagay, tiyak na hindi ito mauuri bilang gawain ng masasamang espiritu. Samakatuwid, ang mga pangunahing pagpapakita ng gawain ng masasamang espiritu ay ang sampung nakalista. Ang pagkilala sa mga iyon sa ganitong paraan ay medyo maaasahan at tumpak. Ang mga bagay na hindi gaanong malinaw ay nangangailangan ng mas maraming kahinahunan, kung hindi madaling masasaktan at maaagrabyado ang mga tao.

Sa madaling salita, ang gawain ng masasamang espiritu ay makikilala sa pamamagitan ng sumusunod na sampung mga prinsipyo:

1. Lahat ng nagpapanggap na Diyos o Cristo ay sinasapian ng masasamang espiritu.

2. Lahat ng nagpapanggap na mayroon silang espiritu ng mga anghel ay sinasapian ng masasamang espiritu.

3. Lahat ng nagpapanggap na isa pang Diyos na nagkatawang-tao ay sinasapian ng masasamang espiritu.

4. Lahat ng nagsasabi na ang mga salita ng Diyos ay sarili nilang mga

salita o sinasabi sa iba na ituring na mga salita ng Diyos ang kanilang mga salita ay sinasapian ng masasamang espiritu.

5. Lahat ng nagpapanggap na kinakasangkapan sila ng Banal na Espiritu para sundan at sundin sila ng iba ay sinasapian ng masasamang espiritu.

6. Lahat ng madalas magsalita sa iba't ibang wika, at nagbibigay-kahulugan ng mga wika at makikita ang lahat ng uri ng di-pangkaraniwang mga pangitain, o madalas tawagan ng pansin ang mga kasalanan ng iba ay sinasapian ng masasamang espiritu.

7. Lahat ng madalas makarinig ng di-pangkaraniwang mga tinig ng mga espiritu o ng mga ingay ng mga espiritu o madalas makakita ng mga multo, at lahat ng malinaw na medyo hindi tama ang pag-iisip ay nasapian na ng masasamang espiritu.

8. Lahat ng nasisiraan ng bait, madalas magsalita ng mga kabaliwan, madalas kausapin ang kanilang sarili, nagsasalita nang walang kabuluhan o madalas magsabi na inutusan sila ng Diyos at na naantig sila ng Banal na Espiritu ay nasapian na rin ng masasamang espiritu.

9. Lahat ng nakakaranas ng panaka-nakang abnormal na pag-uugali, hindi nag-iisip kung kumilos, nababaliw kung minsan, at hindi makakausap nang normal ng iba ay mga taong nasapian na ng masasamang espiritu. Lahat ng nasa grupo ng homoseksuwal ay isang uri ng mga tao na sinasapian ng mga demonyo at kabilang sa mga patatalsikin.

10. Ang ilang tao ay karaniwang medyo normal ngunit maaaring mabuyo, sa loob ng ilang buwan o isa o dalawang taon, at magkaroon ng karamdaman sa pag-iisip. Sa oras ng karamdaman kagaya lang sila ng mga nasapian na ng mga demonyo. Bagama't normal ang mga taong ito paminsan-minsan, nasa grupo rin sila ng mga sinasapian ng masasamang espiritu. (Kung nagkaroon ng karamdaman sa pag-iisip ang isang tao maraming taon bago iyon ngunit gumaling na sa loob ng maraming taon pagkatapos niyon, maaari nilang maunawaan at matanggap ang katotohanan sa kanilang pananampalataya, at sumailalim na sa ilang pagbabago, wala sila sa grupo ng sinasapian ng masasamang espiritu.)

Tumpak na sabihin na ang sino man kung saan tumatagal ang gawain ng masasamang espiritu nang maraming buwan o kahit isa o dalawang taon, ay nasapian ng mga demonyo—at dapat paalisin ang mga gayong tao. Kung nagkaroon sila ng gawain ng masasamang espiritu sa loob lang ng maiksing panahon, at nawawala iyon matapos lang ang ilang sandali, at wala nang karagdagang pagbalik sa dating gawi, kung gayon hindi sila dapat uriin bilang mga taong may gawain ng masasamang espiritu, upang hindi sila madulutan ng pagod pang-kaisipan. Hangga't nagagawa ng mga tao na maghanap at unawain ang katotohanan, kung gayon ang paksa ng kung sila ba ay minsang nagkaroon ng panggugulo o gawain ng masasamang espiritu ay dapat bitawan at hindi na dapat talakayin uli. Ito ay dahil kung nagagawa na ng mga taong unawain ngayon ang katotohanan, at sila ay napaliwanagan na at nailawan ng Banal na Espiritu, kung gayon hindi mapag-aalinlanganan na sila ay mga taong mah gawain ng Banal na Espiritu, at mga layunin sila ng gawain at pagliligtas ng Diyos. Walang dudang ang mga gayong tao, ay hindi nagtataglay ng gawain ng masasamang espiritu; ito ay tiyak. Kung ang isang tao ay naniwala sa Diyos nang maraming taon, ngunit hindi pa kailanman napaliwanagan o nailawan ng Banal na Espiritu at hindi kayang unawain ang katotohanan, gaya ng mga hindi nakakaunawa ng mga espirituwal na paksa, kung gayon hindi gusto ng Diyos ang mga gayong tao, at marahil ay mayroon sila ng gawain ng masasamang espiritu. Sa kabila ng paniniwala sa Diyos sa loob ng maraming taon, ang mga taong may gawain ng masasamang espiritu ay walang anumang kaalaman sa Diyos, at wala kahit ng tunay na pananalig. Isa itong katotohanang hindi mapasisinungalingan. Ang kalagayan ng mga taong may gawain ng Banal na Espiritu, sa kabilang dako, ay lalong lumalago nang normal, at ang kanilang pag-unawa sa katotohanan ay lalong lumalago nang matino; parami nang parami, mayroon silang landas ng pagpasok sa reyalidad, at lalong nagbabago ang kanilang buhay-disposisyon. Ang mga ito rin, ay mga katotohanang hindi mapasisinungalingan. Kaya, ang mga taong may gawaiin ng Banal na Espiritu ay tiyak na hindi nagtataglay ng gawain ng masasamang espiritu.

Kung talagang mayroon sila ng gawain ng masasamang espiritu, hindi na sila magkakaroon ng gawain ng Banal na Espiritu; isa itong katotohanang hindi mapasisinungalingan, at ito rin ang prinsipyo ng pagkilala sa mga nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Kayang kilalanin ng karamihan sa mga tao ang gawain ng masasamang espiritu kapag ito ay higit sa karaniwan, ngunit nahihirapang gawin iyon kapag hindi. Ito ay nangangailangan na bigyan ng mga tao ng katotohanan ang sarili nila, at gamitin ang katotohanan upang kilalanin ang napakaraming kamalian na nagmula sa masasamang espiritu; pagkatapos ay madali nang makilala ang tunay na mukha ng gawain ng masasamang espiritu. Sa katunayan, lahat ng mga kamalian at maling pananampalataya ay nagmumula sa masasamang espiritu, at ang lahat ng mga demonyong hari ni Satanas ay mga pagkakatawang-tao ng masasamang espiritu. Ngunit higit ba sa karaniwan ang kanilang mga salita at kilos? Hindi kailanman; sa panlabas, may ilang tao pa nga na mukhang lubos na makatwiran—na siyang tiyak na nagpapatuso kay Satanas. Kaya, ang pinakapangunahing prinsipyo para sa pagkilala ay ang paggamit sa mga salita ng Diyos at sa katotohanan upang sukatin ang lahat ng mga panteoryang pagtatalo. Ang lahat ng hindi sang-ayon sa katotohanan ay maling pananampalataya at kamalian, at lahat ay nagmumula sa masasamang espiritu. Lahat ng nangdadaya sa mga tao at nakikialam sa gawain ng Diyos ay masasamang espiritu; at lahat ng hindi nagpapatotoo sa tunay na Diyos, hindi nagdadakila sa tunay na Diyos, hindi sumasamba sa tunay na Diyos, hindi sumusunod sa tunay na Diyos, at sa halip ay nagpapatotoo na sila ay Diyos o nais nilang maging Diyos—lahat sila ay masasamang espiritu, gaano man kalaki ang mga tanda at kababalaghan na kanilang isinasagawa. Dapat maunawaan ng mga taong pinili ng Diyos na ang pagsasagawa ng mga tanda at kababalaghan ay hindi isang tunay na kapangyarihan; tanging ang kakayahang magpahayag ng katotohanan

at paggamit ng mga salita para magperpekto ng tao at tuparin ang lahat ay isang tunay na kapangyarihan. At kaya, lahat ng nagtutuon sa mga tanda at kababalaghan at naghahanap ng higit sa karaniwang gawain ng mga espiritu ay kakatwa, at hindi nagtataglay ng katotohanan. Lahat ng hindi nakakatanggap sa katotohanan, at walang paltos na tumatanggap sa masasamang espiritu na nakakapagsagawa ng mga tanda at kababalaghan at ang gawain ay higit sa karaniwan—ang lahat ng mga taong ito ay masasamang espiritu; ang lahat ng puso nila ay puno ng lahat ng uri ng kamalian at heresiya—silang lahat ay masasamang espiritu; lahat ng walang paltos na yumayakap sa bawat uri ng heresiya at kamalian, ngunit hindi kayang tumanggap sa katotohanan—silang lahat ay masasamang espiritu; lahat ng hindi kayang gawin ang dalisay na pag-unawa sa mga salita ng Diyos kailanman, na magpakailanmang binibigyan ng masamang pakahulugan ang mga salita ng Diyos at yumayakap sa mga kamalian—silang lahat ay hindi mapag-aalinlangan na masasamang esppiritu; at lahat na talagang kakatwa at walang katotohanan ay masasamang espiritu. Ito ay ganap. Sa katunayan, ang lahat ay may nakaraan, silang lahat ay may espiritu sa loob nila na pumapatnubay sa kanilang sinasabi at ginagawa—ito ay ganap na tiyak. Ang espiritu ni Satanas ay nasa sinaunang ahas, at nasa malaking pulang dragon, din; at ang masasamang espiritu ay nasa loob ng lahat ng demonyong hari na tumututol sa Diyos. Kapag iniharap sila laban sa salita ng Diyos ang katotohanan, nabubunyag ang mga tunay nilang kulay. Partikular na kakatwa ang pag-unawa ng ilang tao, gaya ng pananaw nila sa mga bagay. Maihahayag mo bang ang kanilang espiritu ay walang problema? Ang ilang tao ay partikular na pumapanig sa iba-ibang mga heresiya at kamalian, at hindi tumatanggap sa katotohanan. Maihahayag mo bang ang kanilang mga espiritu ay walang problema? Ang ilang tao ay partikular na nagtutuon at gustung-gustong naghahanap ng mga higit sa karaniwang bagay. Walang paltos nilang ipinahahayag na ang higit sa karaniwang gawain ng masasamang espiritu ay ang gawain ng Banal na Espiritu, at hindi man lang bumabalik matapos silang malansi. Masasabi mo bang ang kanilang

mga espiritu ay walang problema? Natanggap ng ilang yao ang tunay na daan sa loob ng maraming taon, at nakarinig ng maraming sermon at pagbabahagi, at may kakayahan na magsalaysay ng maraming titik at doktrina, ngunit hindi nila kayang tunay na unawain ang diwa ng katotohanan, at walang kahit kaunting pagbabago sa kanilang buhay-disposisyon. Masasabi mo bang ang kanilang mga espiritu ay walang problema? Sa katunayan, anng gawain ng Banal na Espiritu ay wala sa mga gayong tao, at wala silang anumang paraan ng pag-unawa sa katotohanan at pagpasok sa realidad. Walang duda tungkol dito. Kaya papaano matutukoy ang iba-ibang gawain ng masasamang espiritu? Ang pagtukoy sa diwa ng mga tao ang pinakamahalaga, dahil masasabi mo lang kung gawain ’yon ng anong uri ng espiritu kapag kaya mong tukuyin ang kanilang diwa. Kung ang mga tao ay talagang masama, mapanira, at nakalalason, tiyak na wala silang espiritu ng tao; kung mayroon silang espiritu, kung gayon ito ay masama. Kung patuloy na tinatanggap at yinayakap ng mga tao ang lahat ng uri ng mga kamalian, tiyak na mayroong ilang kakatuwa—at masamang—espiritu sa loob nila. Ang pag-unawa ng mga nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu ay tunay na dalisay, ang kanilang pagkatao ay tunay na walang dungis at matapat, at kaya ang kaalaman na kanilang ibinabahagi ay tunay na dalisay, at kapaki-pakinabang sa mga tao. Tanging ang mga gayong tao ang mga pinili ng Diyos, at ang mga handang samahan ng mga tao, at may kakayahang maging kaisa sa puso at isipan. Kung ang mga tao ay talagang mapanlinlang, mapanira, at nakalalason, kung gayon ay tiyak na hindi sila nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu, dahil hindi nililigtas ng Diyos ang masasama. Ang mga itinalaga at pinili ng Diyos ay mga tao na nagmamahal at naghahanap ng katotohanan. Kahit sila ay mga taga-serbisyo, sila ay walang duda at tunay na may mabuting pagkatao; tanging ang mga taong may tunay na mabuting pagkatao ang tapat sa pagganap sa kanilang tungkulin, at maingat at makatuwiran sa kanilang mga pakikipag-ugnayan sa iba. Sa mga iglesia, tanging kapag nagtitipon ang mga nagmamahal sa katotohanan may gawain ng Banal na Espiritu, at ang

tunay na buhay ng iglesia. Kung ang mga salita at pagbabahagi ng mga tao ay partikular na kakatuwa, kung wala silang dalisay na pag-unawa kahit gaano man karaming sermon at pagbabahagi ang pinakikinggan nila, at hindi nagpapakita ng senyales ng pagbuti, at ang kanilang pagkatao ay talagang walang dangal, talagang masama, at hindi sila nagbago, at sila ay kinasusuklaman at kinamumuhian ng iba, kung gayon walang pag-aalinlangan na sila ay aalisin ng Banal na Espiritu. Walang pakinabang sa pamumuhay at pakikipag-ugnayan kasama ang mga gayong tao; magkakaroon lang sila ng masamang epekto sa iyo at gagambalahin ka. Masasabi na ang pagkatao ng lahat na hindi nagmamahal sa katotohanan ay tunay na mapanlinlang, nakalalason, makasarili, at walang dangal; naniniwala sila sa Diyos para lamang mapagpala, at hindi kailanman natutong maging maingat sa kalooban ng Diyos at suklian ang pagmamahal ng Diyos at pasiyahin ang Diyos; wala silang anumang konsiyensiya o katuwiran. Ang mga gayong tao ay malamang hindi magkakamit ng gawain ng Banal na Espiritu. Dapat maging malinaw sa mga taong pinili ng Diyos na sa lahat ng walang gawain ng Banal na Espiritu, karamihan doon ay nagdurusa mula sa pakikialam ng gawain ng masasamang espiritu. Ang mga taong matagal nang walang gawain ng Banal na Espiritu ay labis na mapanganib, at dapat bantayan. Kung ang mga tao ay tinalikuran ng Banal na Espiritu, kukunin ng lahat ng uri ng masasamang espiritu ang pagkakataong upang pasukin sila, at sa panahong iyon ay mas lalong nagiging kalunus-lunos ang mga kalagayan ng mga taong ito, hanggang sa puntong mahulog sila sa luma nilang mga pamamaraan, at maging walang kaibahan sa mga hindi mananampalataya. Ito ay ang demonyong si Satanas na nagpapakita ng kanyang sarili. Malinaw na ang kakayahang tumukoy ng iba-ibang uri ng mga tao ay pinakamahalaga. Kung kaya mo lang tukuyin ang mga tao saka ka makakatukoy ng mga espiritu. Kung hindi mo kayang tukuyin ang mga tao, kung gayon ay tiyak na hindi mo matutukoy ang iba-ibang gawain ng masasamang espiritu.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng

114. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa Masasamang Espiritu na Nanlilinlang sa Tao

(1) Isang masamang espiritung nanlilinlang sa tao ang sinumang nagpapanggap na Cristo o isang anghel, at madalas na nagbubuga ng mga malademonyong salita na hindi naaayon ni kaunti sa mga salita ng Diyos;

(2) Masasamang espiritung nanlilinlang sa tao ang lahat ng tumatawag sa kanilang mga sarili na mga minamahal na anak ng Diyos, ang Kanyang mga panganay na anak, mga anghel, o mga propeta na dumarating upang magsalita at gumawa, at ang mga nagsasabi ng lahat ng uri ng mapagpaimbabaw na mga bagay;

(3) Masasamang espiritung nanlilinlang sa mga tao ang lahat na sadyang hangal ang pagkaunawa; ang mga patuloy na nagpupukol ng mga maling pananampalataya at mga kabulaanan, at nagbabaluktot ng mga katotohanan; at ang mga tumatanggi kay Cristo at sa mga salita ng Diyos;

(4) Masasamang espiritung nanlilinlang sa tao ang lahat ng nakatutok sa mga kahima-himalang bagay, ang mga madalas na nakakarinig ng mga boses at nakakakita ng mga pangitain, at ang mga nakakatuklas at nakapagtuturo ng kasalanan at gumagawa ng mga palatandaan at kababalaghan.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Nang tuksuhin ni Satanas si Eba, sinabi nito: “Bakit hindi mo kinakain ang bunga sa punongkahoy na iyon?” Sumagot si Eba, “Sinabi ng Diyos na kapag kinain ko ang bunga ng punongkahoy na iyon, ako ay mamamatay.” Sinabi sa gayon ni Satanas, “Hindi mo kinakailangang mamatay kung kakainin mo ang bunga mula sa punongkahoy na iyon.” Ang layunin ng pahayag na ito ni Satanas ay upang manukso; tiyak lamang na hindi nito sinabi na sa pamamagitan ng pagkain sa bunga mula sa punongkahoy ang tao ay hindi mamamatay, sinabi lamang nito na ang tao ay hindi

kinakailangang mamatay, at naging sanhi ito upang mag-isip ang tao: “Kung hindi ko kinakailangang mamatay, mainam lamang na kainin ito.” Hindi malabanan ng tao ang tukso na kainin ang bunga. Sa ganitong paraan, narating ni Satanas ang layunin nito na pagtukso sa tao na gumawa ng isang kasalanan; hindi nito inako ang pananagutan, sapagkat hindi niya pinilit ang sinuman na kainin ito. Ngayon taglay ng lahat ng mga tao sa loob nila ang mga lason ni Satanas na sumusubok sa Diyos at tumutukso sa tao. Paminsan-minsan kapag nagsasalita ang mga tao sila ay nagsasalita sa mga tono ni Satanas, sa layuning sumubok at manukso. Ang lahat ng mga saloobin at mga ideya na pumupuno sa mga tao ay ang mga lason ni Satanas, ang paraan na kanilang dala-dala ay isang bagay na ukol kay Satanas, at paminsan-minsan ang isang kindat o pagkumpas ay nagdadala ng isang mahinang amoy ng pagsubok at tukso.

Hinango mula sa “Yaong mga Nawalan ng Gawain ng Banal na Espiritu ang Pinaka-nasa Panganib” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Mayroon ngayong ilang masasamang espiritu na nililinlang ang tao gamit ang mga bagay na di-pangkaraniwan; yaon ay walang iba kundi panggagaya lamang nila, upang linlangin ang tao sa pamamagitan ng gawain na hindi ginagawa sa kasalukuyan ng Banal na Espiritu. Maraming taong nagsasagawa ng mga himala at nagpapagaling ng maysakit at nagpapalayas ng mga demonyo; ang mga ito ay walang iba kundi gawain ng masasamang espiritu, sapagkat ang Banal na Espiritu ay hindi na gumagawa ng gayong gawain sa kasalukuyan, at lahat ng gumaya sa gawain ng Banal na Espiritu mula noon ay masasamang espiritu talaga. Lahat ng gawaing ipinatupad sa Israel sa panahong iyon ay yaong di-pangkaraniwan, bagama’t ang Banal na Espiritu ay hindi na gumagawa sa ngayon sa gayong paraan, at anumang gayong gawain ngayon ay panggagaya at pagbabalatkayo ni Satanas at paggambala nito. Ngunit hindi mo masasabi na lahat ng di-pangkaraniwan ay kagagawan ng masasamang espiritu—ito ay nakabatay sa kapanahunan ng gawain ng Diyos.

Hinango mula sa “Ang Hiwaga ng Pagkakatawang-tao (1)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung, sa kasalukuyan, mayroong isang taong lalabas na kayang magpakita ng mga tanda at mga kababalaghan, magtaboy ng mga demonyo, magpagaling ng mga may sakit, at gumawa ng maraming himala, at kung ang taong ito ay inangking siya si Jesus na dumating, isa itong huwad na ginawa ng mga masasamang espiritung gumagaya kay Jesus. Tandaan ito! Hindi inuulit ng Diyos ang magkaparehong gawain. Nakumpleto na ang yugto ng gawain ni Jesus, at hindi na muling pangangasiwaan ng Diyos ang yugtong iyon ng gawain. Ang gawain ng Diyos ay hindi maipagkakasundo sa mga kuro-kuro ng tao; halimbawa, hinulaan ng Lumang Tipan ang pagdating ng isang Mesiyas, at ang resulta ng propesiyang ito ay ang pagdating ni Jesus. Yamang nangyari na ito, magiging mali na may panibagong Mesiyas na darating. Dumating nang minsan si Jesus, at magiging mali kung darating pang muli si Jesus sa oras na ito. Mayroong isang pangalan para sa bawat kapanahunan, at nagtataglay ang bawat pangalan ng paglalarawan ng kapanahunang ito. Sa mga kuro-kuro ng tao, dapat palaging magpakita ang Diyos ng mga tanda at mga kababalaghan, dapat palaging magpagaling ng mga may sakit at magtaboy ng mga demonyo, at dapat palaging maging katulad ni Jesus. Subalit sa oras na ito, hindi ganoon ang Diyos. Kung, sa mga huling araw, nagpapakita pa rin ang Diyos ng mga tanda at mga kababalaghan, at nagtataboy pa rin ng mga demonyo at nagpapagaling ng mga may sakit—kung gagawin Niya ang eksaktong ginawa ni Jesus—uulitin ng Diyos ang kaparehong gawain, at mawawalan ng kabuluhan o halaga ang gawain ni Jesus. Kaya naman, isinasakatuparan ng Diyos ang isang yugto ng gawain sa bawat kapanahunan. Kapag natapos na ang bawat yugto ng gawain Niya, agad itong ginagaya ng mga masasamang espiritu, at pagkatapos simulang sundan ni Satanas ang mga yapak ng Diyos, lumilipat ang Diyos tungo sa ibang kaparaanan. Kapag natapos na ng Diyos ang isang yugto ng gawain Niya, ginagaya ito ng mga masasamang espiritu. Dapat malinaw

kayo tungkol dito.

Hinango mula sa “Pagbabatid sa Gawain ng Diyos Ngayon” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

May ilang sinasaniban ng masasamang espiritu at malakas na sumisigaw ng, “Ako ang Diyos!” Ngunit sa katapusan, sila ay nabubunyag dahil sila ay mali sa kanilang kinakatawan. Kinakatawan nila si Satanas, at hindi sila binibigyang-pansin ng Banal na Espiritu. Gaano man kataas ang pagpapahalaga mo sa iyong sarili o gaano ka man kalakas sumigaw, ikaw ay isang nilalang pa rin at isa na nabibilang kay Satanas. Kailanman ay hindi Ako sumisigaw ng, “Ako ang Diyos, Ako ang sinisintang Anak ng Diyos!” Ngunit ang gawaing ginagawa Ko ay gawain ng Diyos. Kailangan Ko bang sumigaw? Hindi kailangan ang pagpaparangal. Ginagawa ng Diyos Mismo ang Kanyang gawain at hindi kailangan ng tao na bigyan Siya ng isang katayuan o kagalang-galang na titulo: kinakatawan na ng Kanyang gawain ang Kanyang pagkakakilanlan at katayuan. Bago ang Kanyang bautismo, hindi ba’t si Jesus ang Diyos Mismo? Hindi ba’t Siya ang nagkatawang-taong Diyos? Tiyak na hindi maaaring sabihin na naging tanging Anak ng Diyos lamang Siya pagkatapos Niyang napatotohanan? Wala bang tao na may pangalang Jesus sa matagal na panahon bago Siya nagsimula ng Kanyang gawain? Hindi mo kayang maghatid ng mga bagong landas o kumatawan sa Espiritu. Hindi mo kayang ipahayag ang gawain ng Espiritu o ang mga salita na sinasabi Niya. Hindi mo kayang gawin ang gawain ng Diyos Mismo o yaong sa Espiritu. Ang karunungan, pagiging kamangha-mangha, at pagiging di-maarok ng Diyos, at ang buong disposisyon sa pagkastigo ng Diyos sa tao—lahat ng ito ay higit sa iyong kakayahang magpahayag. Kaya walang saysay na angkinin mo na ikaw ang Diyos; magkakaroon ka lamang ng pangalan ngunit hindi ng diwa. Dumating na ang Diyos Mismo, ngunit walang nakakakilala sa Kanya, gayunman patuloy Siya sa Kanyang gawain at ginagawa ang gayon sa pagkatawan sa Espiritu. Tawagin mo man Siyang tao o Diyos, ang Panginoon o Cristo, o tawagin Siyang kapatid na babae, hindi ito

mahalaga. Ngunit ang gawaing ginagawa Niya ay yaong sa Espiritu at kumakatawan sa gawain ng Diyos Mismo. Wala Siyang pakialam sa pangalan na itinatawag sa Kanya ng tao. Puwede bang matukoy ng pangalang iyon ang Kanyang gawain? Anuman ang itawag mo sa Kanya, sa pananaw ng Diyos, Siya ang nagkatawang-taong laman ng Espiritu ng Diyos; kinakatawan Niya ang Espiritu at sinasang-ayunan ng Espiritu. Kung hindi mo kayang gumawa ng daan para sa isang bagong kapanahunan, o dalhin ang dati sa katapusan, o maghatid ng isang bagong kapanahunan o gumawa ng bagong gawain, hindi ka maaaring tawaging Diyos!

Hinango mula sa "Ang Hiwaga ng Pagkakatawang-tao (1)" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kapag may kaunting pagkaunawa sa Diyos ang mga tao, kaya nilang maging handang magdusa para sa Kanya at ilaan ang buhay nila para sa Kanya. Gayunpaman, si Satanas pa rin ang may kontrol sa mga kahinaang nasa loob nila, at napagdurusa pa rin sila nito. Ang masasamang espiritu ay nakagagawa pa rin sa mga tao, napakikialamanan sila, at nakapagsasanhi sa kanilang malito ang isipan, mawala sa katinuan, mabalisa, at magambala sa lahat ng aspeto. May mga bagay sa isipan o kaluluwa ng mga tao na nakokontrol at namamanipula pa rin ni Satanas. Ito ang dahilan kung bakit nagkakasakit ka at naliligalig, at posible para sa iyong magpakamatay, at minsan nararamdaman mo rin na mapanglaw ang mundo o na walang kahulugan ang buhay. Sa ibang salita, ang mga pagdurusang ito ng tao ay nasa ilalim pa rin ng pamamalakad ni Satanas; binubuo ng mga ito ang nakamamatay na kahinaan ng tao. Nagagamit pa rin ni Satanas ang mga bagay na nagawa na nitong tiwali at nayurakan na; ang mga ito ay mga sandata na magagamit ni Satanas laban sa sangkatauhan. … Sinasamantala ng masasamang espiritu ang bawat pagkakataon para gawin ang kanilang gawain; kaya ka nilang kausapin mula sa loob mo o bumulong sa tainga mo, o guluhin ang mga iniisip at ang isipan mo. Kaya rin nilang supilin ang paghaplos ng Banal na Espiritu para hindi mo ito maramdaman. Pagkatapos noon, sinisimulan ng mga ito

na pakialaman ka sa pamamagitan ng panlilito sa pag-iisip mo at pagsira sa utak mo, na iniiwan kang di-mapakali at hibang. Ganyan ang gawaing ginagawa ng masasamang espiritu sa mga tao. Kung hindi nila nakikilala iyon, malalagay sila sa malaking panganib.

Hinango mula sa “Ang Kabuluhan ng Pagtikim ng Diyos ng Pagdurusa sa Mundo” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Sinumang nagpapanggap na Cristo upang magsalita para linlangin ang mga tao ay isang huwad na Cristo. Lahat ng huwad na Cristo ay sinasaniban ng masasamang espiritu, at mga manloloko. Paano mo mahihiwatigan ang isang huwad na Cristo na patuloy na nagsasalita para linlangin ang mga tao? Kung titingin ka lang sa ilang salita ng isang huwad na Cristo, magkakamot ka ng ulo at hindi mo makikita kung ano talaga ang mga intensyon ng masamang espiritu. Kung patuloy mong susubaybayan ang masamang espiritung ito at isasaalang-alang ang lahat ng nasabi nito, napakadaling makita kung ano talaga ito, ano ang ginagawa nito, ano ang talagang sinasabi nito, ano ang binabalak nitong gawin sa mga tao at anong landas ang iniaalok nito sa mga tao—nagiging madali itong mahiwatigan. Makikita natin na halos magkakatulad ang mga katangiang nasa maraming salita ng masasamang espiritu. Maaari lang nitong gayahin ang mga salita ng Diyos, ngunit hindi nito makukuha ang pinakadiwa ng mga salita ng Diyos. May konteksto at layunin ang mga salita ng Diyos. Ang pangunahing layunin at mga epekto ng mga pagbigkas ng Diyos ay napakalinaw at makikita mo ang awtoridad at kapangyarihan sa Kanyang mga salita, kaya maaantig nito ang puso’t kaluluwa ng isang tao. Ngunit ang mga salita ng masasamang espiritu at ni Satanas ay walang konteksto ni epekto—para lang itong lawa ng tubig na hindi umaagos, at malabo ang pakiramdam ng mga tao sa kanilang puso matapos itong basahin. Wala silang napapala rito. Kaya, lahat ng klase ng masasamang espiritu ay walang taglay na katotohanan at siguradong malabo at madilim ang kalooban. Ang mga salita nito ay hindi makapagdadala ng liwanag sa mga

tao at hindi maipapakita sa kanila ang landas na dapat nilang sundan. Hindi sinasabi nang malinaw ng masasamang espiritu ang kanilang layon ni ang sinisikap nilang isakatuparan; walang binabanggit na anuman tungkol sa pinakadiwa o pinag-ugatan ng katotohanan. Wala talaga. Walang anuman na dapat maunawaan at matamo ng mga tao ang matatagpuan sa mga salita ng masasamang espiritu. Samakatwid, ang mga salita ng masasamang espiritu ay makakalito lang sa mga tao at maghahatid ng kalabuan at kadiliman sa kanilang kalooban. Hindi nito mabibigyan man lang ang mga tao ng anumang kabuhayan. Mula rito'y makikita natin na ang likas na pagkatao at diwa ng masasamang espiritu ay kasamaan at kadiliman. Wala silang sigla, sa halip ay amoy-patay sila. Talagang negatibo sila na dapat isumpa. Ni walang katotohanan sa kanilang pananalita; walang-wala itong kabuluhan na humahantong sa pagduduwal, pagkasuya, at pagsuka ng mga tao na para bang nakakain sila ng patay na langaw. Kung hinahangad ng mga tao ang katotohanan at taglay ang kakayahang tanggapin ang mga salita ng Diyos, makikita nila ang kaibhan ng mga salita ng masasamang espiritu pagkatapos nilang basahin ang mga ito. Yaong mga hindi nauunawaan ang mga usaping espirituwal at walang taglay na kakayahan na tanggapin ang mga salita ng Diyos ay tiyak na malilinlang ng mga salita ng masasamang espiritu. Ang lahat niyaong mga tao na niliwanagan at pinaliwanag ng Banal na Espiritu, na taglay ang pagkaunawa ukol sa mga salita ng Diyos at nauunawaan ang ilang mga katotohanan ay likas na makikita ang kaibhan ng kasinungalingan ng masasamang espiritu. Makikita nilang walang katotohanan sa alinman sa mga salitang sinasabi ng masasamang espiritu. Hindi taglay ng mga ito kung anong mayroon at kung ano ang Diyos, ni taglay ng mga ito ang katiting na kapangyarihan o awtoridad. Napakalayo ng kanilang mga salita mula sa mga salita ng Diyos.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

115. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa mga Di-

Mananampalataya

(1) Isang di-mananampalataya ang sinumang patuloy na nagdududa sa pagkakatawang-tao, sa mga salita ng Diyos, at sa gawain ng Diyos, at ang mga taong ang pananampalataya ay umaasa lamang sa mga haka-haka at mga pag-iisip;

(2) Isang di-mananampalataya ang sinumang hindi nagbabasa ng salita ng Diyos, hindi nakikinig sa mga pangaral at mga pagsasalamuha, at hindi kusang-loob na gumagawa ng kanilang tungkulin, bagkus ay patuloy sa pagdaing at pagpapalaganap ng pagkanegatibo;

(3) Isang di-mananampalataya ang sinumang hindi naghahanap sa katotohanan ni tinatanggap ito kapag humaharap ng problema, bagkus ay palaging tinatangkang panghimasukan ang mga bagay-bagay at ang mga taong kasangkot, at ang mga taong mahigpit na sumusunod sa mga patakaran.

(4) Isang di-mananampalataya ang sinumang hindi tumatanggap ng paghahatol o pagkastigo, o pagtatabas at pakikiharap, at walang pusong may paggalang sa Diyos ni nagpapasakop man lang sa Kanya.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Yamang naniniwala ka sa Diyos, dapat kang manampalataya sa lahat ng mga salita ng Diyos at sa lahat ng gawain Niya. Na ibig sabihin, yamang naniniwala ka sa Diyos, dapat kang sumunod sa Kanya. Kung hindi mo kayang gawin ito, hindi mahalaga kung naniniwala ka o hindi sa Diyos. Kung naniniwala ka sa Diyos sa loob ng maraming taon, subalit hindi Siya kailanman sinunod, at hindi tinatanggap ang kabuuan ng mga salita Niya, at sa halip hinihingi sa Diyos na magpasakop Siya sa iyo at kumilos ayon sa mga kuro-kuro mo, ikaw ang pinakamapanghimagsik sa lahat, isa kang hindi mananampalataya. Paanong makasusunod ang ganitong mga tao sa gawain at mga salita ng Diyos na hindi umaayon sa mga kuro-kuro ng tao?

Hinango mula sa “Yaong mga Sumusunod sa Diyos Nang may Tunay na Puso ay Tiyak na Makakamit ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa kanilang paniniwala sa Diyos, kung ang mga tao ay walang pusong

nagpipitagan sa Diyos, kung wala silang pusong masunurin sa Diyos, hindi lamang sila hindi makakagawa ng anumang gawain para sa Kanya, kundi bagkus ay magiging mga taong gumagambala sa Kanyang gawain at sumusuway sa Kanya. Ang paniniwala sa Diyos ngunit hindi sumusunod o nagpipitagan sa Kanya, at sa halip ay nilalabanan Siya, ang pinakamalaking kahihiyan para sa isang nananampalataya. Kung natural at walang pagpipigil ang pananalita at pag-uugali ng mga mananampalataya na tulad ng mga walang pananampalataya, mas masama pa sila kaysa mga walang pananampalataya; sila ay napakatipikal na mga demonyo.

Hinango mula sa "Isang Babala sa mga Hindi Nagsasagawa ng Katotohanan" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Mayroong ilang tao na ang paniniwala ay hindi kailanman kinikilala sa puso ng Diyos. Sa madaling salita, hindi kinikilala ng Diyos na mga alagad Niya sila, dahil hindi Niya pinupuri ang kanilang paniniwala. Para sa mga taong ito, ilang taon man nila nasunod ang Diyos, hindi kailanman nagbago ang kanilang mga ideya at pananaw; para silang mga hindi mananampalataya, sumusunod sa mga prinsipyo at paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay ng mga hindi mananampalataya at sa mga batas para patuloy na mabuhay at pananampalataya. Hindi nila kailanman tinanggap ang salita ng Diyos bilang kanilang buhay, hindi kailanman naniwala na ang salita ng Diyos ay katotohanan, hindi kailanman nilayon na tanggapin ang pagliligtas ng Diyos, at hindi kailanman kinilala ang Diyos bilang kanilang Diyos. Ang tingin nila sa paniniwala sa Diyos ay libangan ng baguhan, na tinatrato Siya bilang isang espirituwal na pagkain lamang; sa gayon, hindi nila iniisip na mahalagang subukan at unawain ang disposisyon o diwa ng Diyos. Masasabi na lahat ng tumutugma sa tunay na Diyos ay walang kinalaman sa mga taong ito; hindi sila interesado, ni hindi sila mag-aabalang makinig. Ito ay dahil sa kaibuturan ng kanilang puso, mayroong isang malakas na tinig na laging nagsasabi sa kanila, "Ang Diyos ay hindi nakikita at hindi nahihipo, at hindi umiiral." Naniniwala sila na ang pagsisikap na unawain ang ganitong uri ng Diyos ay pagsasayang ng

kanilang pagsisikap, at na niloloko lamang nila ang kanilang sarili sa paggawa nito. Naniniwala sila na sa pamamagitan lamang ng pagkilala sa Diyos sa mga salita nang walang anumang tunay na paninindigan o pamumuhunan ng kanilang sarili sa anumang tunay na mga kilos, medyo matalino sila. Ano ang tingin ng Diyos sa gayong mga tao? Ang tingin Niya sa kanila ay mga hindi mananampalataya. Tinatanong ng ilang tao, “Maaari bang basahin ng mga hindi mananampalataya ang mga salita ng Diyos? Maaari ba nilang sambitin ang mga salitang, ‘Mabubuhay ako para sa Diyos’?” Ang madalas makita ng mga tao ay ang pagkukunwaring ipinapakita ng mga tao sa panlabas; hindi nila nakikita ang diwa ng mga tao. Gayunman, hindi tinitingnan ng Diyos ang mga paimbabaw na mga pagpapakitang ito; ang tanging nakikita Niya ay ang diwa sa kanilang kalooban. Sa gayon, ito ang klase ng saloobin at paglalarawan ng Diyos sa mga taong ito.

Hinango mula sa “Paano Malalaman ang Disposisyon ng Diyos at ang mga Resultang Makakamtan ng Kanyang Gawain” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa panahong ito, hindi pa rin nagagawang bitiwan ng mga tao ang mga bagay ng laman; hindi nila maisuko ang pagtatamasa ng laman, ng mundo, salapi, o ng kanilang mga tiwaling disposisyon. Matamlay na nagpapatuloy ang karamihan ng mga tao sa kanilang mga hangarin. Ang totoo, hindi talaga kinukupkop ang Diyos sa puso ng mga taong ito; higit pang masahol, hindi sila takot sa Diyos. Wala silang Diyos sa kanilang mga puso, at kaya hindi nila mahiwatigan ang lahat ng ginagawa ng Diyos, at higit na mababa ang kakayahan nilang maniwala sa mga salitang binibigkas Niya. Labis sa laman ang gayong mga tao; sa anupaman, napakalalim na ng kanilang pagkatiwali at salat sila sa anumang katotohanan. Higit pa rito, hindi sila naniniwalang makakaya ng Diyos na magkatawang-tao. Sinumang hindi naniniwala sa Diyos na nagkatawang-tao—ibig sabihin, sinumang hindi naniniwala sa nakikitang Diyos o sa gawain at mga salita Niya, bagkus ay sumasamba sa di-nakikitang Diyos sa langit—ay isang taong walang Diyos sa kanyang puso. Mapanghimagsik

at lumalaban sa Diyos ang gayong mga tao. Salat sila sa pagkatao at katwiran, lalo na sa katotohanan. Higit dito, para sa mga taong ito, lalong hindi mapaniniwalaan ang nakikita at nahahawakang Diyos, ngunit itinuturing nila na kapani-paniwala at nakapagpapasaya nang higit sa lahat ang di-nakikita at di-nahahawakang Diyos. Hindi ang aktwal na katotohanan o ang tunay na diwa ng buhay ang hinahangad nila; lalong hindi ang kalooban ng Diyos. Sa halip, hinahangad nila ang kasabikan. Alinmang mga bagay na makakayang magbigay ng kakayahang tuparin ang mga sarili nilang mga pagnanasa ay walang alinlangang ang pinaniniwalaan at itinataguyod nila. Naniniwala lamang sila sa Diyos upang matugunan ang sarili nilang mga pagnanasa, hindi upang hangarin ang katotohanan. Hindi ba mga tagagawa ng masama ang gayong mga tao?

Hinango mula sa “Papasok sa Pahinga ang Diyos at ang Tao Nang Magkasama” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Hindi nagagalak sa katotohanan ang ilang tao, lalo na sa paghatol. Sa halip, nagagalak sila sa kapangyarihan at mga kayamanan; ang mga taong ganoon ay tinatawag na mga mapaghanap ng kapangyarihan. Hinahanap lamang nila ang mga denominasyon sa mundo na may impluwensya at hinahanap lamang nila ang mga pastor at mga gurong galing sa mga seminaryo. Bagaman tinanggap na nila ang daan ng katotohanan, hindi sila lubos na naniniwala; wala silang kakayahang ibigay ang lahat ng mga puso at mga isip nila, ang mga bibig nila ay nagsasalita ng paggugol ng mga sarili nila para sa Diyos, ngunit ang kanilang mga mata ay nakatuon sa dakilang mga pastor at mga guro, at hindi nila binibigyan si Cristo ng karagdagang pansin. Nakatuon ang kanilang mga puso sa katanyagan, kayamanan, at karangalan. Hindi sila naniniwalang ang isang ganoon kaliit na tao ay may kakayahang lupigin ang napakarami, na ang isang hindi kapansin-pansin ay mapeperpekto ang tao. Iniisip nilang imposibleng ang mga hamak na kasama ng alikabok at mga tambak ng dumi ay ang mga taong hinirang ng Diyos. Naniniwala silang kung ang mga tulad ng mga taong ito ang mga layon ng pagliligtas ng Diyos, ang langit at lupa ay

mababaliktad, at ang lahat ng tao ay tatawa nang tatawa. Naniniwala silang kung pinili ng Diyos ang gayong mga hamak upang perpektuhin, kung gayon ang yaong mga dakilang taong iyon ay magiging Diyos Mismo. Ang mga pananaw nila ay nadungisan ng kawalan ng paniniwala; higit pa sa hindi paniniwala, sila ay kakatuwang mga hayop lamang. Sapagkat pinahahalagahan lamang nila ang katayuan, katanyagan, at kapangyarihan, at pinahahalagahan lamang nila ang malalaking grupo at denominasyon. Wala silang ni katiting na pagmamalasakit para sa yaong mga inakay ni Cristo; sila ay mga taksil lamang na tumalikod kay Cristo, sa katotohanan, at sa buhay.

Hindi ang pagpapakumbaba ni Cristo ang hinahangaan mo, kundi ang mga huwad na pastol na may bantog na katayuan. Hindi mo gusto ang pagiging kaibig-ibig o ang karunungan ni Cristo, kundi iyong mahahalay na nakalublob sa karumihan ng mundo. Tinatawanan mo ang pasakit ni Cristo na walang lugar na mapaghihigan ng Kanyang ulo, ngunit hinahangaan mo ang mga bangkay na nangangaso ng mga alay at namumuhay sa kabuktutan. Hindi ka handang magdusa sa tabi ni Cristo, ngunit masayang inihahagis ang sarili sa mga bisig ng mga walang habas na mga anticristo, kahit na tinutustusan ka lamang nila ng laman, mga salita, at kontrol. Kahit ngayon, bumabaling pa rin sa kanila ang puso mo, tungo sa kanilang reputasyon, sa kanilang katayuan, sa kanilang impluwensya. Gayunpaman patuloy kang nagtataglay ng saloobin kung saan nahihirapan kang lunukin ang gawain ni Cristo at mabigat sa kalooban mong tanggapin ito. Ito ang dahilan kung bakit sinasabi Kong kulang ka sa pananampalataya upang kilalanin si Cristo. Ang dahilan kung bakit ka sumunod sa Kanya hanggang ngayon ay dahil lamang wala kang ibang pagpipilian. Nangingibabaw sa puso mo magpakailanman ang isang serye ng matatayog na imahe; hindi mo makakalimutan ang kanilang bawat salita at gawa, ni ang kanilang maimpluwensiyang mga salita at mga kamay. Sila ay, sa mga puso ninyo, kataas-taasan at mga bayani magpakailanman. Ngunit hindi ganito para sa Cristo ng kasalukuyan. Wala Siyang halaga sa puso mo magpakailanman, at di-karapat-dapat sa paggalang magpakailanman. Sapagkat napaka-

karaniwan Niya, may lubhang napakaliit na impluwensya, at malayo sa pagiging napakatayog.

Magkagayunman, sinasabi Kong ang lahat ng hindi nagpapahalaga sa katotohanan ay mga di-mananampalataya at mga taksil sa katotohanan. Ang mga ganoong tao ay hindi kailanman makatatanggap ng pag-ayon ni Cristo.

Hinango mula sa “Isa Ka bang Tunay na Mananampalataya sa Diyos?” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Mayroong isang katotohanang dapat mong maunawaan sa iyong pananampalataya sa Diyos: Ang paniniwala sa Diyos ay hindi lang nangangahulugang paniniwala sa pangalan ng Diyos, lalong hindi ang pagkakaroon ng pananampalataya sa malabong Diyos ng iyong guniguni. Sa halip, dapat kang maniwalang ang Diyos ay totoo, dapat kang maniwala sa diwa ng Diyos, sa Kaniyang disposisyon, at sa kung anong mayroon at kung sino Siya; dapat kang maniwala sa katotohanang ang Diyos ang naghahari sa kapalaran ng sangkatauhan, at pinaghaharian Niya ang iyong kapalaran. Kaya’t anong nabibilang sa pananampalataya? Wala bang panig nito kung saan dapat talagang makipagtulungan dito ang mga tao at isagawa ito? Halimbawa, may mga taong balisa sa kalagayang sinapit nila, at nagiging sanhi ito ng ilang espiritwal na kaguluhan, at iniisip nila sa sarili, “Ito at ito ang may kasalanan sa nangyari sa akin. Kung hindi dahil sa kanyang mahigpit na pamimili, hindi sana ito nakakahiya.” Naghahanap sila ng mga dahilan, at sa huli, binabaling ang sisi sa iba, na nagpapagaan sa kanilang loob, at pagkatapos, sa tingin nila ay nalutas na ang problema, na tapos na ang paghihirap. Ano ang palagay mo sa pamamaraang ito ng paglutas ng mga problema? Makakamit ng isang tao ang katotohanan sa pamamagitan ng pagsasagawa sa ganitong paraan? Nagpapakita ba ito ng saloobin ng pagkamasunurin sa Diyos? Sa anong pananaw, at papanong mga paraan, naniniwala ang mga ganoong tao sa Diyos? Naisagawa na ba nila ang mga salitang “Ang Diyos ang naghahari sa kapalaran ng sangkatauhan, lahat ng mga bagay at pangyayari ay nasa Kaniyang mga

kamay” sa kanilang pang-araw-araw na buhay? Kapag sinuri nila ang problema gamit ang pag-iisip ng tao, kapag tinugunan nila ang usapin gamit ang mga pamamaraan ng tao, naniniwala ba sila sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, nagpapasakop ba sila sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos at pagsasaayos ng mga tao, usapin, at mga bagay? (Hindi.) Una, hindi sila nagpapasakop; at pangalawa, gumagawa sila ng mas matinding pagkakamali: Hindi nila matanggap mula sa Diyos ang kalagayan at mga tao, usapin, at bagay na Kaniyang inayos para sa kanila; hindi sila tumitingin sa panloob. Tinitingnan lamang nila ang kalagayan mula sa labas, pagkatapos ay sinusuri ito gamit ang kanilang pantaong isip at sinusubukang lutasin ito sa mga pamamaraan ng tao. Hindi ba ito malaking pagkakamali? (Oo.) Paano ito nangyari? Hindi sila naniniwalang ang lahat ay pinaghaharian ng Diyos. Iniisip nila sa kanilang sarili, “Ang lahat ay pinaghaharian ng Diyos? Maaari bang maghari ang Diyos sa napakaraming bagay? Iyan ang bulag na pagsasagawa ng doktrina. Ang nangyari sa akin ay naiiba, ito ay bukod-tangi!” Ito ay bukod-tangi, iyon ay bukod-tangi. Sa kanilang mga mata, ang lahat ay bukod-tangi; wala ni isang bagay ang pinaghaharian ng Diyos, ang lahat ay ipinanganak ng tao. Pananampalataya ba ito sa Diyos? Sinasalamin ba nito ang diwa ng pananampalataya sa Diyos? Hindi siya naniniwala na ang Diyos ay nakakapamuno sa lahat o na naaayos ng Diyos ang lahat ng bagay, lahat ng mga pangyayari, at lahat ng mga kapaligiran. Hindi niya natatanggap ang mga bagay na ito mula sa Diyos. Pakiramdam niya’y basta-basta na lamang nangyayari ang lahat ng kaganapan, na sanhi ang mga ito ng pagkilos ng tao at hindi isinasaayos ng Diyos. Kaya ano ang esensya ng kanyang paniniwala? Siya’y di-mananampalataya! Ang pananaw ng mga di-mananampalataya ay hindi kailanman pagtanggap ng isa mang bagay mula sa Diyos, sa halip ay gamitin ang mga pananaw ng tao, pag-iisip, at mga pamamaraan upang pag-isipang maigi at pahirapan ang kanilang mga utak upang makayanan anuman ang nakakatagpo nila. Ito ang ginagawa ng di-mananampalataya. Kapag nakatagpo ka ng ganitong uri ng tao sa hinaharap, dapat magkaroon ka ng kaunting

pagtalos tungkol sa kanila. Sa sandaling makatagpo sila ng isang isyu, nag-iisip sila nang nag-iisip, pinag-aaralan nila ito at iyan, at pagkatapos ay nilulutas ito sa pamamagitan ng pamamaraan ng tao. Alinman sa pinagtutugma nila ang mga pagkakaiba anuman ang mga prinsipyo, o pareho nilang sinisisi ang magkabilang panig, o nagdadahilan sila upang bigyang-katuwiran ang kanilang sarili. Hindi nila kailanman natatanggap mula sa Diyos ang anumang uri ng kapaligirang Kanyang naisasaayos o anumang nangyayari sa paligid nila. Hindi sila naniniwalang gawa ito ng Diyos. Pangkalahatang ipipilit nila na naniniwala silang ang kapalaran ng sangkatauhan ay nasa mga kamay ng Diyos at handa silang magpasakop sa Kanyang pamumuno at Kanyang mga pagsasaayos. Gayunman, hindi iyon ang kanilang pinaniniwalaan kapag nakakatagpo sila ng isang isyu, hindi ganoon kung paano nila nauunawaan ang mga bagay-bagay, at hindi sila kailanman sumusunod sa gayong paraan. Ito ang kung ano ang isang di-mananampalataya.

Hinango mula sa “Maaayos lamang ang mga Tiwaling Disposisyon sa pamamagitan ng Paghahanap sa Katotohanan at Pag-asa sa Diyos” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang pinakasimpleng paraan para mailarawan ang paniniwala sa Diyos ay ang magtiwalang mayroong Diyos, at, sa pundasyong ito, ang sundan Siya, sundin Siya, tanggapin ang Kanyang kapamahalaan, mga pagsasaayos, at mga paghahanda, pakikinig sa Kanyang mga salita, pamumuhay ayon sa Kanyang mga salita, paggawa ng lahat ayon sa Kanyang mga salita, pagiging isang totoong nilikha, at natatakot sa Kanya at nilalayuan ang kasamaan; tanging ito lamang ang totoong paniniwala sa Diyos. Ito ang ibig sabihin ng pagsunod sa Diyos. Sinasabi mong sinusunod mo ang Diyos, ngunit, sa iyong puso, hindi mo tinatanggap ang mga salita ng Diyos, at hindi mo tinatanggap ang Kanyang kapamahalaan, mga pagsasaayos, at mga paghahanda. Kung lagi kang may mga kuro-kuro kung ano ang ginagawa ng Diyos, at palaging mali ang pagkaintindi mo sa mga ginagawa Niya, at nagrereklamo tungkol dito; kung palagi kang hindi nasisiyahan, at palagi mong sinusukat at inuunawa ang ginagawa

Niya gamit ang sarili mong mga kuro-kuro at mga haka-haka; kung palagi kang may mga sariling pagkakaunawa—makapagdudulot ito ng problema. Hindi mo nararanasan ang gawain ng Diyos, at wala kang paraan para tunay na masunod Siya. Hindi ganito ang paniniwala sa Diyos.

Ano mismo ang paniniwala sa Diyos? Ang paniniwala ba sa relihiyon ay katumbas ng paniniwala sa Diyos? Kapag naniniwala ang mga tao sa relihiyon, sinusundan nila si Satanas. Sa paniniwala lamang sa Diyos nila nasusunod ang Diyos, at tanging ang mga sumusunod kay Cristo ang tunay na naniniwala sa Diyos. Ang isang tao bang hindi tatanggapin kailanman ang mga salita ng Diyos bilang kanilang buhay ay isang taong naniniwala sa Diyos? Wala itong gamit, kahit pa ilang taon na silang naniwala sa Diyos. Ang isang taong laging gumagawa ng mga ritwal na pangrelihiyon sa kanilang pananampalataya ngunit hindi nagsasabuhay ng katotohanan ay hindi isang mananampalataya ng Diyos, at hindi siya kinikilala ng Diyos. Sa anong basehan ka kinikilala ng Diyos? Ang Kanyang pagkilala sa iyo ay ayon sa kung ginagawa mo ang lahat ng bagay na ayon sa Kanyang mga hinihingi. Ang Kanyang pagkilala ay iginagawad ayon sa Kanyang mga salita, hindi ayon sa kung gaano karaming mga pagbabago ang mayroon sa iyong panlabas na pag-uugali, o sa kung gaano karami ang oras ang ginugugol mo sa pagsunod para sa Kanya, kundi sa landas na nilakaran mo, at kung pinagsusumikapan mong makamit ang katotohanan. Marami ang nagsasabi na naniniwala sila sa Diyos at nagwiwika ng mga salita ng papuri sa Diyos—ngunit, sa kanilang mga puso, hindi nila iniibig ang mga salitang winiwika ng Diyos, ni hindi rin sila interesado sa katotohanan. Sa kanilang mga puso ay palagi nilang pinaniniwalaan na magiging normal lamang sila, at magagawang protektahan ang kanilang sarili, kung mamumuhay sila sa mga pilosopiya ni Satanas at iba pang mga doktrina ng mundo sa labas, na ang ganitong pamumuhay lamang ang magbibigay ng halaga sa kanilang mga buhay sa mundong ito. Ganito ba ang taong naniniwala sa Diyos at sumusunod sa Kanya? Ang lahat ng kasabihan ng mga kilala at dakilang tao ay talagang masasabing pilosopikal at partikular na may kakayahang makapanlinlang

ng mga tao. Kung ituturing mo ang mga ito bilang katotohanan at susundin ang mga ito bilang mga kasabihan, ngunit, pagdating sa mga salita ng Diyos, sa pinakakaraniwang mga salita ng Diyos, na humihiling na maging tapat kang tao, na manatili kang masigasig sa kalagayang inilaan sa iyo at isakatuparan ang tungkulin ng isang nilikha, at manatili kang matatag—wala kang kakayahang maisagawa ang mga ito, at hindi mo itinuturing ang mga ito na katotohanan, kung gayon ay hindi ka tagasunod ng Diyos. Maaaring sinasabi mong isinagawa mo ang mga salita Niya, ngunit paano kung pilitin ka ng Diyos na magsabi ng katotohanan at itanong Niya ang mga ito: “Ano ang iyong isinagawa? Sino ang nagwika ng mga salita na iyong isinasagawa? Ano ang batayan ng mga prinsipyong iyong sinusunod?” Kung ang batayang iyon ay hindi ang mga salita ng Diyos, kung gayon ito ay mga salita ni Satanas; ang iyong isinasabuhay ay mga salita ni Satanas, ngunit sinasabi mo pa ring ginagawa mo ang katotohanan at ang nagbibigay-kasiyahan sa Diyos, hindi ba ito paglapastangan sa Kanya? Sinasabi ng Diyos na dapat maging tapat ang mga tao, ngunit mayroong mga hindi nag-iisip nang mabuti kung ano ang nakapaloob sa pagiging tapat, paano nila dapat isagawa ang katapatan, o alin sa mga bagay na isinasabuhay at ibinubunyag nila ang hindi tapat, at alin sa mga ito ang tapat. Hindi nila pinagmumunihan ang katuturan ng katotohanan sa mga salita ng Diyos, ngunit nakahahanap ng libro ng mga hindi mananampalataya, at, kapag nabasa ito, sinasabi nila, “Ang mga ito ay mabubuting salita—mas mainam pa kaysa sa sinabi ng Diyos. ‘Ang mga tapat na tao ay laging mamamayani’—hindi ba iyan katulad sa sinabi ng Diyos? Ito rin ang katotohanan!” Kaya sumusunod sila sa mga salitang ito. Ano ang isinasabuhay nila kapag sumusunod sila sa mga salitang ito? Nagagawa ba nilang isabuhay ang realidad ng katotohanan? Marami bang ganyang mga tao? Nagkakamit sila ng kaunting kaalaman, nagbabasa ng ilang libro, at nagkakamit ng maliit na kabatiran, at nakaririnig sila ng ilang kilalang kawikaan o tanyag na kasabihan at itinuturing ang mga ito bilang katotohanan. Kumikilos sila ayon sa mga salitang ito, at ginagamit ang mga ito sa kanilang mga tungkulin at sa kanilang mga buhay ng paniniwala sa

Diyos, at iniisip pa nga nila na nagbibigay-kasiyahan ito sa Kanya. Hindi ba ito pandaraya? Hindi ba ito panlilinlang? Ito ay kalapastanganan! Marami nito sa mga tao. Sumusunod sila sa mga masarap pakinggan at tila wastong doktrina ng mga tao na para bang ang mga ito ang katotohanan. Isinasantabi nila ang mga salita ng Diyos at hindi dinirinig ang mga ito, at, kahit ilang beses nilang basahin ang mga ito, hindi nila isinasapuso ang mga ito o itinuturing ang mga ito na katotohanan. Ang gumagawa ba nito ay isang taong naniniwala sa Diyos? Sumusunod ba sila sa Diyos? Ang ganyang tao ay naniniwala sa relihiyon; sinusunod nila si Satanas! Sa puso nila, iniisip nila na may pilosopiya sa mga salitang winiwika ni Satanas, na ang mga salitang ito ay may malalim na kahulugan, na ang mga ito ay mga banal na kasulatan, matalinong mga kasabihan, at, ano pa man ang kanilang itakwil, hindi nila magagawang isantabi ang mga salitang ito. Ang paggawa nito, para sa kanila, ay parang pagkawala ng kanilang buhay, o pagdukot sa kanilang puso. Anong uri ito ng tao? Ito ay taong sumusunod kay Satanas.

Hinango mula sa “Ang Paniniwala sa Relihiyon ay Hindi Kailanman Hahantong sa Kaligtasan” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

May pakiramdam ng budhi ang mga taong totoong naniniwala sa Diyos, nagtitiwala silang katotohanan ang mga salita ng Diyos, na tama ang lahat ng ginagawa ng Diyos, at sa kapakinabangan ng tao. Kung may nagagawa silang anumang kamalian at nalalabag ang katotohanan, nakadarama sila ng pakiramdam ng paninisi, pagkakautang, at pagkahapis sa kaibuturan ng kanilang mga puso. At para sa mga yaon na hindi totoong naniniwala sa Diyos, isaisantabi natin ang tanong kung may pakiramdam ba sila ng budhi, at unahing pag-usapan ang tungkol sa kanilang saloobin patungkol sa pag-iral ng Diyos at ng mga salita Niya. Bilang panimula, ano ang pananaw nila sa pag-iral ng Diyos? “Sinasabi ninyong umiiral ang Diyos—ngunit nasaan Siya? Hindi ko Siya nakikita. Hindi ko alam kung may Diyos o wala. Sinasabi ng yaong mga naniniwala sa Kanya na mayroon, yaong mga hindi ay sinasabing wala.” Ganito ang kanilang

pananaw. Ngunit, sa ibayo pang paglilimi, iniisip nila, “Naniniwala ang lahat ng mga taong ito sa Kanya at nagpapatotoo sa Kanya, kaya may Diyos marahil. Umaasa akong mayroon nga; kung mayroon man, makapandadaya ako at magiging pinagpala. Nakapusta sana ako nang tama.” Nakikisabay lamang sila nang walang pakikilahok, nagbabakasaling may matamong mabuti, nakikipagsapalaran. Hindi nila iniisip na may kung ano silang pagbabayaran. Ganito ang saloobin at pananaw nila patungkol sa kung umiiral ang Diyos: “Umiiral ba ang Diyos o hindi? Hindi ko masabi. Nasaan ba talaga Siya? Talagang hindi ko alam. Napakaraming tao ang nagpapatotoo, ngunit tama ba ito o mali? Hindi ko rin ito masabi.” Sa kanilang mga isip, may mga tandang pananong tungkol sa lahat ng ito; hindi sila nakatitiyak, at kaya nag-aalinlangan sila. At sa gayong pag-aalinlangan at kawalang katiyakan, ano ang kanilang saloobin patungkol sa mga salita ng Diyos kapag nagsasalita Siya, at ipinahahayag ang katotohanan? Tinatanggap ba nila bilang katotohanan ang mga salita ng Diyos? Kung minsan, maaaring makikinig sila dala ng pagiging mausisa, upang sumandaling pagnilayan ang mga ito, at, pagkaraang gawin ito, iisipin nila, “Ang mga salitang ito ba ang katotohanan? Ipinalalagay na naglalaman ang mga ito ng kapangyarihan at awtoridad—bakit hindi ko iyan naririnig o nagkakaroon ng anumang pakiramdam nito? Tila lumalabas na maaari nilang baguhin ang mga tao—kaya bakit hindi pa nila ako binabago? Ibig ko pa ring kumain at matulog. Mayayamutin pa rin ako tulad ng dati, at hindi ako naging higit na may kakayahan sa anuman. Natatakot pa rin ako kapag nagpapataw ang malaking pulang dragon ng pag-uusig nito. Hindi ako naging mahigit sa tao! Ipinalalagay na ang mga salita ng Diyos ang realidad ng lahat ng tahas na mga bagay. Ano ang isang tahas na bagay? Ito ay ang paghingi na maging mabuti at tapat ang mga tao. Mga hangal ang mga taong tapat. Hinihingi sa mga tao na matakot sa Diyos at iwaksi ang masama. Nangangahulugan ito na kapag gumagawa ka ng masama, kailangan mong supilin ang iyong sarili, dapat kang magpataw ng mga paghihigpit sa iyong sarili, at huwag gumawa ng masasamang bagay—ilang mga tao ang makakayang gumawa niyan?

Kalikasan ng tao na gumawa ng masasamang bagay, na maging makasarili. Kani-kaniya, at walang pag-aalintana sa iba. Walang sinuman sa mundo ang nag-iisip sa kaninuman maliban sa kanilang mga sarili. Nasa mga kamay mo ang iyong kapalaran; nasa sa iyo ang pagpupunyagi para sa kaligayahan. Kung nagsasagawa ang lahat ng mga salita ng Diyos, natatakot sa Diyos at iniiwasan ang masama, hindi kaya magiging mga asetikong monghe at mga madre ang mga tao sa mundo? Ano ang magiging masaya sa pamumuhay, kung gayon?" Hindi ba't ito ang kanilang saloobin patungkol sa katotohanan sa kaibuturan ng kanilang mga puso? "Kung hindi magpupunyagi at makikipaglaban ang mga tao para sa kanilang mga sarili , kung hindi sila mabubuhay para sa yaman at pagkilala, kung gayon ay anong kahulugan magkakaroon ang buhay?" Gayon ang pananaw ng gayong mga tao—ng mga hindi naniniwala. Ito ang saloobin ng mga hindi naniniwala patungkol sa katotohanan. Sa kanilang mga puso, hindi nila alam kung ano ang katotohanan; hindi katumbas ng katotohanan ang mga salita ng Diyos, at hindi katumbas ng katotohanan ang buhay. Ano ba ang itinuturing nila bilang katotohanan, sa kaibuturan ng kanilang mga puso? Isang bagay na makakaya silang gawing kahima-himala, na makapagbibigay sa kanila ng mga kakayahang makagawa ng anuman, at magagawa silang likas na magaling, isang bagay na may pisikal na pakinabang sa kanila, na makakayang gawing higit na masaya ang kanilang mga buhay nila, na makakayang maging pinakamalaking posibleng pakinabang sa kanila—iyan ay ang katotohanan. Iniisip nila: Labis na pangkaraniwan itong mga salita ng Diyos; mga walang halaga lamang ang mga ito, hindi nararapat banggitin. Ang paghingi na maging tapat ang mga tao, matakot sila sa Diyos at umiwas sa masama, pawalan ang kanilang mga sarili ng mga tiwaling disposisyon—napakahirap niyon. Walang sinumang makagagawa nito! Hindi namumuhay sa kahungkagan ang mga tao; may napakarami silang pagnanasa at damdamin. Walang sinumang maaaring isabuhay ang mga salitang ito. Ang mga hindi naniniwala ay hindi naniniwala na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan; hindi sila naniniwala na ang mga salita ng Diyos ay ang

buhay, lalong hindi sila naniniwala na makakayang baguhin ng mga salita ng Diyos ang tadhana ng sangkatauhan, o makakayang baguhin ng mga salita ng Diyos ang mga tiwaling disposisyon ng mga tao at tulutan silang itakwil ang kanilang mga tiwaling disposisyon. Iyan ang kanilang saloobin patungkol sa mga salita ng Diyos. At kaya, sa kaibuturan ng kanilang mga puso, hindi nila kailanman tinanggap na ang katotohanan ang mga salita ng Diyos, o hindi nila kailanman tinanggap ang mga ito bilang katotohanan. Sa kabuuan, hindi nila tinatanggap ang mga salita ng Diyos bilang buhay nila, bilang tunguhin at layunin ng kanilang pag-iral at ng kanilang pag-uugali. Makakaya ba ng mga yaong hindi tinatanggap na katotohanan ang mga salita ng Diyos na maniwala sa pag-iral ng Diyos? Totoo ba silang naniniwala sa pag-iral ng Diyos? (Hindi.) Makakaya ba ng mga yaong hindi naniniwala sa pag-iral ng Diyos na maniwala na may katotohanan din sa mundong ito? Makakaya ba ng yaong hindi naniniwala sa pag-iral ng katotohanan na maniwala na maililigtas ang sangkatauhan? (Hindi.) Kung hindi sila naniniwala sa alinman sa mga iyan, makakaya ba nilang maniwala sa katunayan ng pagkakatawang-tao ng Diyos? Makakaya ba nilang maniwala sa plano ng pamamahala ng Diyos? (Hindi.) Mga sagad-sagarin silang hindi naniniwala.

Hinango mula sa “Ang Mahusay na Pagganap ng Tungkulin ay Nangangailangan ng Kahit Man Lamang Isang Budhi” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung ang mga tao, sa kanilang pananalig sa Diyos, ay hindi madalas nabubuhay sa harap Niya, hindi nila magagawang magkaroon ng anumang paggalang sa Kanya, kaya hindi nila magagawang layuan ang kasamaan. Magkakaugnay ang mga bagay na ito. Kung madalas mong napapalugod ang Diyos sa puso mo, mapipigilan ka, at matatakot sa Diyos sa maraming bagay. Hindi ka gaanong makakalayo, o gagawa ng anumang bagay na napakasama. Hindi mo gagawin yaong kinamumuhian ng Diyos, at hindi ka magsasalita nang walang katuturan. Kung tinatanggap mo ang obserbasyon ng Diyos, at ang Kanyang pagdidisiplina, iiwasan mong gumawa ng maraming bagay na masama. At sa gayon, hindi mo ba

nalayuan ang kasamaan? Kung, sa iyong paniniwala sa Diyos, madalas kang nasa isang litong kalagayan, hindi alam kung nasa puso mo man ang Diyos, hindi alam kung ano ang gusto mong gawin sa puso mo, at kung hindi mo kayang maging mapayapa sa harapan ng Diyos, at hindi nananalangin sa Diyos o hinahanap ang katotohanan kapag may nangyayari sa iyo, kung madalas kang kumikilos ayon sa sarili mong kalooban, namumuhay ayon sa iyong mala-satanas na disposisyon at inihahayag ang iyong mapagmataas na disposisyon, at kung hindi mo tinatanggap ang pagsisiyasat ng Diyos o pagdidisiplina ng Diyos, at hindi mo sinusunod ang Diyos, kung gayon ang mga taong tulad nito'y laging namumuhay sa harap ni Satanas at kontrolado ng kanilang mala-satanas na disposisyon. Ang gayong mga tao samakatuwid ay wala kahit katiting na paggalang sa Diyos. Talagang hindi nila kayang layuan ang kasamaan, at kahit hindi sila gumagawa ng masama, lahat ng iniisip nila ay masama pa rin, at wala itong ugnayan sa katotohanan at sumasalungat sa katotohanan. Kung gayon ang mga gayong tao ba ay pangunahing walang ugnayan sa Diyos? Kahit sila'y pinamumunuan ng Diyos, hindi sila kailanman nag-uulat sa harap ng Diyos, hindi nila kailanman itinuturing ang Diyos bilang Diyos, hindi nila kailanman itinuturing ang Diyos bilang ang Lumikha na namumuno sa kanila, hindi nila kailanman kinikilala na ang Diyos ay kanilang Diyos at kanilang Panginoon, at hindi nila kailanman isinasaalang-alang na sambahin ang Diyos ng kanilang puso. Ang gayong mga tao ay hindi nakauunawa kung ano ang ibig sabihin ng matakot sa Diyos, at iniisip nilang karapatan nilang gumawa ng masama, sinasabing: "Gagawin ko ang gusto ko. Bahala ako sa sarili ko, walang pakialam ang sinumang iba pa." Iniisip nilang karapatan nilang gumawa ng masama at itinuturing nila ang pananampalataya sa Diyos bilang isang uri ng mantra, bilang isang anyo ng seremonya. Hindi ba sila nagiging di-mananampalataya dahil dito? Sila'y di-mananampalataya! At ano ang katawagan ng Diyos sa mga taong ito sa Kanyang puso? Sa buong maghapon, lahat ng iniisip nila ay kasamaan. Sila ang mga masasamang tao ng bahay ng Diyos, at hindi Niya kinikilala ang gayong mga tao bilang

mga kaanib ng Kanyang bahay.

Hinango mula sa “Tanging Kapag Namumuhay Ka sa Harapan ng Diyos sa Lahat ng Sandali Makalalakad Ka sa Landas ng Kaligtasan” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

116. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa Iba’t Ibang Masasamang Tao

(1) May espesyal na pagkamuhi para sa katotohanan ang masasamang tao. Hindi nila ito kailanman tinatanggap, ni hindi tinatanggap ang paghatol at pagkastigo ng Diyos, at ni hindi nila tinatanggap ang pagtatabas at pakikiharap;

(2) Hindi mapapaliwanagan ang masasamang tao. Sanay sila sa pagbaligtad ng tama at mali at pagbaluktot ng mga katotohanan, inaatake nila at pinupuntirya ang iba, at gagamitin nila ang anumang paraan upang makamit ang kanilang mga layunin;

(3) Wala ni katiting na konsiyensiya o katinuan ang masasamang tao, at lubos silang walang pakialam gaano man kalaki ang kasamaang ginagawa nila, katulad ng mga mababangis na hayop;

(4) Walang masasamang tao ang nagbabasa ng mga salita ng Diyos, ni hindi sila nagsasalamuha sa katotohanan. Nakatutok sila sa katayuan, reputasyon, at personal na pakinabang, at nagsasalita lamang alang-alang sa kanilang sariling katayuan, reputasyon, at pakinabang.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Isang Babala sa mga Hindi Nagsasagawa ng Katotohanan

(Isang Piniling Kabanata ng Salita ng Diyos)

Yaong mga kapatid na palaging nagbubulalas ng kanilang pagkanegatibo ay mga utusan ni Satanas, at ginugulo nila ang iglesia. Ang mga taong ito balang araw ay kailangang itiwalag at alisin. Sa kanilang paniniwala sa Diyos, kung ang mga tao ay walang pusong nagpipitagan sa Diyos, kung wala silang pusong masunurin sa Diyos, hindi lamang sila hindi makakagawa ng anumang gawain para sa Kanya, kundi bagkus ay magiging mga taong gumagambala sa Kanyang gawain at sumusuway sa

Kanya. Ang paniniwala sa Diyos ngunit hindi sumusunod o nagpipitagan sa Kanya, at sa halip ay nilalabanan Siya, ang pinakamalaking kahihiyan para sa isang nananampalataya. Kung natural at walang pagpipigil ang pananalita at pag-uugali ng mga mananampalataya na tulad ng mga walang pananampalataya, mas masama pa sila kaysa mga walang pananampalataya; sila ay napakatipikal na mga demonyo. Yaong mga nagbubulalas ng kanilang makamandag at malisyosong pananalita sa loob ng iglesia, na nagkakalat ng mga tsismis, nagpupukaw ng kawalan ng pagkakaisa, at iginugrupu-grupo ang mga kapatid—dapat ay natiwalag na sila sa iglesia. Subalit dahil ibang panahon na ngayon ng gawain ng Diyos, hinihigpitan ang mga taong ito, sapagkat tiyak na aalisin sila. Lahat ng nagawang tiwali ni Satanas ay may tiwaling disposisyon. Ang ilan ay walang anumang taglay kundi mga tiwaling disposisyon, samantalang ang iba ay hindi ganito: Hindi lamang sila mayroong tiwali at napakasamang disposisyon, kundi napakamalisyoso rin ng kanilang likas na pagkatao. Hindi lamang nahahayag sa kanilang mga salita at kilos ang kanilang tiwali at napakasamang disposisyon; ang mga taong ito, bukod dito, ang totoong diyablong si Satanas. Ang pag-uugali nila ay nakakaabala at nakakagambala sa gawain ng Diyos, nakakasama sa pagpasok ng mga kapatid sa buhay, at nakakasira sa normal na buhay ng iglesia. Sa malao't madali, ang mga lobong ito na nakadamit-tupa ay kailangang mapalayas; hindi dapat kaawaan at tanggapin ang mga utusang ito ni Satanas. Ito lamang ang pumapanig sa Diyos, at yaong mga hindi nakakagawa nito ay nagtatampisaw sa putikan na kasama ni Satanas. Ang Diyos ay palaging nasa puso ng mga taong tunay na naniniwala sa Kanya, at palagi silang may pusong nagpipitagan sa Diyos, isang pusong nagmamahal sa Diyos. Dapat gawin ng mga naniniwala sa Diyos ang mga bagay-bagay nang maingat at masinop, at lahat ng ginagawa nila ay dapat maging alinsunod sa mga kinakailangan ng Diyos at makalugod sa Kanyang puso. Hindi dapat maging matigas ang kanilang ulo, na ginagawa ang anumang gusto nila; hindi iyan nababagay sa banal na kaangkupan. Hindi dapat magwala ang mga tao, na iwinawagayway ang bandila ng Diyos kung saan-saan

habang nagyayabang at nanggagantso kahit saan; ito ang pinakasuwail na uri ng pag-uugali. May mga panuntunan ang mga pamilya, at may mga batas ang mga bansa—hindi ba lalo na sa tahanan ng Diyos? Hindi ba mas mahigpit pa ang mga pamantayan? Hindi ba mas marami pang atas administratibo? Ang mga tao ay malayang gawin ang gusto nila, ngunit ang mga atas administratibo ng Diyos ay hindi maaaring baguhin kung kailan gustuhin. Ang Diyos ay isang Diyos na hindi nagpaparaya sa kasalanan ng mga tao; Siya ay isang Diyos na pumapatay ng mga tao. Hindi pa ba ito alam talaga ng mga tao?

Bawat iglesia ay may mga taong nagsasanhi ng kaguluhan para sa iglesia o nakikialam sa gawain ng Diyos. Lahat sila ay mga Satanas na nakapasok sa bahay ng Diyos nang nakabalatkayo. Ang gayong mga tao ay mahusay umakto: Humaharap sila sa Akin nang may malaking pagpipitagan, nakayuko at kumakayod, umaasal na parang mga asong galisin, at inilalaan ang kanilang “lahat-lahat” para makamtan ang sarili nilang mga layunin—ngunit sa harap ng mga kapatid, ipinapakita nila ang kanilang pangit na panig. Kapag nakakakita sila ng mga taong nagsasagawa ng katotohanan, pinipintasan nila ang mga ito at itinutulak sa isang tabi; kapag nakakakita sila ng mga taong mas nakakatakot kaysa sa kanila, pinupuri at binobola nila ang mga ito. Nagwawala sila sa loob ng iglesia. Masasabi na ang gayong “lokal na mga maton,” ang gayong “mga sipsip,” ay umiiral sa karamihan ng mga iglesia. Sama-sama silang kumikilos nang malademonyo, nagpapahatid ng mga kindat at lihim na senyas sa isa’t isa, at walang isa man sa kanila ang nagsasagawa ng katotohanan. Sino man ang may pinakamakamandag na lason ay siyang “punong demonyo,” at sino man ang may pinakamataas na karangalan ay namumuno sa kanila, at iwinawagayway ang kanilang bandila. Naghuhuramentado ang mga taong ito sa loob ng iglesia, nagkakalat ng kanilang pagkanegatibo, bumubulalas ng kamatayan, ginagawa ang gusto nila, sinasabi ang gusto nila, at walang sinumang nangangahas na pigilan sila. Puno sila ng disposisyon ni Satanas. Katatapos pa lamang nilang manggulo ay pumapasok na ang simoy ng kamatayan sa iglesia. Yaong

mga nasa iglesia na nagsasagawa ng katotohanan ay pinalalayas, na hindi ginagawa ang lahat, samantalang yaong mga nanggugulo sa iglesia at nagkakalat ng kamatayan ay nagwawala sa loob—bukod pa riyan, karamihan sa mga tao ay sumusunod sa kanila. Ang gayong mga iglesia ay pinamumunuan ni Satanas, walang duda; ang diyablo ang kanilang hari. Kung ang mga nagtitipon ay hindi tumatayo at tumatanggi sa mga punong demonyo, sila rin sa malao't madali ay mawawasak. Mula ngayon, kailangang gumawa ng mga hakbang laban sa gayong mga iglesia. Kung hindi ito hahangarin ng mga may kakayahang magsagawa ng kaunting katotohanan, bubuwagin ang iglesiang iyon. Kung walang sinuman sa isang iglesia ang handang magsagawa ng katotohanan at walang sinumang maaaring tumayong saksi para sa Diyos, dapat ay ihiwalay nang lubusan ang iglesiang iyon, at kailangang putilin ang mga koneksyon nito sa ibang mga iglesia. Tinatawag itong "paglilibing sa kamatayan"; ito ang ibig sabihin ng palayasin si Satanas. Kung may ilang lokal na maton sa isang iglesia, at sinusundan sila ng "maliliit na langaw" na lubos na hindi makaintindi, at kung ang mga nagtitipon, kahit nakita na nila ang katotohanan, ay wala pa ring kakayahang tanggihan ang mga gapos at manipulasyon ng mga maton na ito, lahat ng hangal na iyon ay aalisin sa huli. Maaaring walang nagawang kakila-kilabot ang maliliit na langaw na ito, ngunit mas mapanlinlang pa sila, mas tuso at mahusay umiwas, at lahat ng kagaya nito ay aalisin. Wala ni isang matitira! Yaong mga nabibilang kay Satanas ay ibabalik kay Satanas, samantalang yaong nabibilang sa Diyos ay tiyak na hahanapin ang katotohanan; ipinapasiya ito ng kanilang likas na pagkatao. Hayaang mapahamak ang lahat ng sumusunod kay Satanas! Walang habag na ipapakita sa gayong mga tao. Hayaan yaong mga naghahanap sa katotohanan na masustentuhan, at nawa'y masiyahan sila sa salita ng Diyos hangga't gusto nila. Ang Diyos ay matuwid; hindi Siya magpapakita ng paboritismo kaninuman. Kung ikaw ay isang diyablo, wala kang kakayahang magsagawa ng katotohanan; kung ikaw ay isang taong naghahanap sa katotohanan, tiyak na hindi ka mabibihag ni Satanas. Walang kaduda-duda iyan.

Ang mga taong hindi nagpupunyaging sumulong ay palaging inaasam na maging negatibo at batugan din ang iba na kagaya nila. Yaong mga hindi nagsasagawa ng katotohanan ay naiinggit sa mga nagsasagawa niyon, at palaging sinusubukang linlangin yaong mga lito ang isipan at hindi makahiwatig. Ang mga bagay na ibinubulalas ng mga taong ito ay maaaring maging dahilan para ikaw ay manghina, dumausdos pababa, magkaroon ng abnormal na kalagayan, at mapuspos ng kadiliman. Nagiging dahilan ito upang mapalayo ka sa Diyos, at itangi mo ang laman at magpakasasa ka sa iyong sarili. Ang mga taong hindi nagmamahal sa katotohanan at laging wala sa loob ang pakikitungo sa Diyos ay walang kaalaman sa sarili, at ang disposisyon ng gayong mga tao ay umaakit sa iba na magkasala at suwayin ang Diyos. Hindi nila isinasagawa ang katotohanan, ni hindi nila tinutulutan ang iba na isagawa ito. Itinatangi nila ang kasalanan at hindi nila kinamumuhian ang kanilang sarili. Hindi nila kilala ang kanilang sarili, at pinipigilan nila ang iba na kilalanin ang kanilang mga sarili; pinipigilan nila ang iba na hangarin ang katotohanan. Yaong mga nililinlang nila ay hindi nakikita ang liwanag. Nahuhulog sila sa kadiliman, hindi nila kilala ang kanilang sarili, malabo sa kanila ang katotohanan, at napapalayo sila nang napapalayo mula sa Diyos. Hindi nila isinasagawa ang katotohanan at pinipigilan nila ang iba sa pagsasagawa ng katotohanan, at dinadala ang lahat ng hangal na iyon sa kanilang harapan. Sa halip na sabihing naniniwala sila sa Diyos, mas mabuti pang sabihing naniniwala sila sa kanilang mga ninuno, o na ang kanilang pinaniniwalaan ay ang mga diyus-diyusan sa kanilang puso. Ang pinakamabuting gawin ng mga taong nagsasabi na sumusunod sila sa Diyos ay imulat ang kanilang mga mata at tumingin nang husto upang makita kung sino talaga ang pinaniniwalaan nila: Ang Diyos ba talaga ang pinaniniwalaan mo, o si Satanas? Kung alam mo na hindi ang Diyos ang pinaniniwalaan mo, kundi ang sarili mong mga idolo, ang pinakamabuting gawin ay huwag mong sabihin na isa kang mananampalataya. Kung talagang hindi mo alam kung sino ang iyong pinaniniwalaan, muli, ang pinakamabuting gawin ay huwag mong sabihin na isa kang

mananampalataya. Ang pagsasabi niyon ay kalapastanganan! Walang sinumang pumipilit sa iyo na maniwala sa Diyos. Huwag ninyong sabihing naniniwala kayo sa Akin; sawa na Ako sa ganyang pananalita, at ayaw ko nang marinig iyong muli, dahil ang pinaniniwalaan ninyo ay ang mga idolo sa inyong puso at ang lokal na mga maton sa inyo. Lahat ng umiiling kapag naririnig nila ang katotohanan, na ngumingisi kapag nakakarinig sila tungkol sa kamatayan, ay mga supling ni Satanas, at sila yaong aalisin. Marami sa iglesia ang hindi makaintindi. Kapag may nangyaring isang bagay na mapanlinlang, bigla silang pumapanig kay Satanas; nasasaktan pa sila kapag tinawag silang mga utusan ni Satanas. Bagama't maaaring sabihin ng mga tao na hindi sila makaintindi, lagi silang nasa panig na walang katotohanan, hindi sila pumapanig sa katotohanan kailanman sa kritikal na panahon, hindi sila tumatayo at nakikipagtalo kailanman para sa katotohanan. Hindi ba talaga sila makaintindi? Bakit bigla silang pumapanig kay Satanas? Bakit hindi sila nagsasabi kailanman ng isang salitang makatarungan o makatwiran para suportahan ang katotohanan? Talaga bang nangyari ang sitwasyong ito dahil sa panandalian nilang kalituhan? Kapag mas bahagyang makaintindi ang mga tao, mas hindi nila nagagawang pumanig sa katotohanan. Ano ang ipinapakita nito? Hindi ba nito ipinapakita na gustung-gusto ng mga taong hindi makaintindi ang kasamaan? Hindi ba nito ipinapakita na sila ay matatapat na supling ni Satanas? Bakit ba palagi nilang nagagawang pumanig kay Satanas at magsalitang kagaya nito? Bawat salita at gawa nila, na nakapahayag sa kanilang mukha, ay sapat na lahat upang patunayan na hindi sila mga taong nagmamahal sa katotohanan; sa halip, sila ay mga taong namumuhi sa katotohanan. Sapat nang kaya nilang pumanig kay Satanas upang patunayan na talagang mahal ni Satanas ang walang-kuwentang mga diyablong ito na ginugugol ang kanilang buhay sa pakikipaglaban para sa kapakanan ni Satanas. Hindi ba napakalinaw ng lahat ng katotohanang ito? Kung talagang isa kang taong nagmamahal sa katotohanan, bakit wala kang malasakit sa mga nagsasagawa ng katotohanan, at bakit ka sumusunod kaagad sa mga hindi nagsasagawa ng katotohanan kapag

tiningnan ka nila nang bahagya? Anong klaseng problema ito? Wala Akong pakialam kung nakakaintindi ka o hindi. Wala Akong pakialam kung malaki ang naisakripisyo mo. Wala Akong pakialam kung malakas ang mga puwersa mo, at wala Akong pakialam kung isa kang lokal na maton o isang lider na tagadala ng bandila. Kung malakas ang mga puwersa mo, dahil lamang iyon sa tulong ng lakas ni Satanas. Kung mataas ang pagkakilala sa iyo, dahil lamang iyon sa napakarami sa paligid mo ang hindi nagsasagawa ng katotohanan. Kung hindi ka pa natitiwalag, dahil iyon sa hindi pa panahon para sa gawain ng pagtitiwalag; sa halip, ito ang panahon para sa gawain ng pag-aalis. Hindi kailangang magmadaling itiwalag ka ngayon. Naghihintay lamang Ako sa pagdating ng araw na iyon na maparusahan kita kapag naalis ka na. Sinumang hindi nagsasagawa ng katotohanan ay maaalis!

Yaong mga tunay na naniniwala sa Diyos ay yaong mga handang isagawa ang salita ng Diyos at handang isagawa ang katotohanan. Ang mga taong tunay na nagagawang manindigan sa kanilang patotoo sa Diyos ay yaon ding mga handang isagawa ang Kanyang salita at talagang kayang pumanig sa katotohanan. Wala sa lahat ng taong nanloloko at walang katarungan ang katotohanan, at nagdadala sila ng kahihiyan sa Diyos. Yaong mga nagsasanhi ng mga alitan sa iglesia ay mga utusan ni Satanas, sila ang sagisag ni Satanas. Ang gayong mga tao ay nakapamalisyoso. Lahat ng hindi makaintindi at walang kakayahang pumanig sa katotohanan ay may kimkim na masasamang layon at dinudungisan ang katotohanan. Higit pa riyan, sila ay napakatipikal na mga kinatawan ni Satanas. Hindi na sila matutubos, at natural lamang na aalisin silang lahat. Hindi tinutulutan ng pamilya ng Diyos na manatili ang mga hindi nagsasagawa ng katotohanan, ni hindi nito tinutulutang manatili yaong mga sadyang gumigiba sa iglesia. Gayunman, hindi ito ang panahon para gawin ang gawain ng pagtitiwalag; ilalantad at aalisin lamang ang gayong mga tao sa huli. Wala nang walang-silbing gawaing iuukol sa mga taong ito; yaong mga nabibilang kay Satanas ay hindi kayang pumanig sa katotohanan, samantalang yaong mga naghahanap sa katotohanan ay

kayang gawin ito. Ang mga taong hindi nagsasagawa ng katotohanan ay hindi karapat-dapat na marinig ang daan ng katotohanan at hindi karapat-dapat na magpatotoo tungkol sa katotohanan. Ang katotohanan ay hindi talaga para sa kanilang mga pandinig; sa halip, ito ay para sa mga nagsasagawa nito. Bago ibunyag ang katapusan ng bawat tao, yaong mga nanggugulo sa iglesia at nakakaabala sa gawain ng Diyos ay isasantabi muna sa ngayon, upang pakitunguhan kalaunan. Kapag tapos na ang gawain, ilalantad ang bawat isa sa mga taong ito, at pagkatapos ay aalisin sila. Samantala, habang ipinagkakaloob ang katotohanan, hindi sila papansinin. Kapag ibinunyag sa sangkatauhan ang buong katotohanan, dapat maalis ang mga taong iyon; iyon ang panahon kung kailan pagbubukud-bukurin ang lahat ng tao ayon sa kanilang uri. Ang walang-kuwentang mga panloloko ng mga hindi makaintindi ay hahantong sa kanilang pagkawasak sa mga kamay ng masasamang tao, ililigaw sila ng mga ito, at hindi na makakabalik. At gayong pagtrato ang nararapat sa kanila, dahil hindi nila mahal ang katotohanan, dahil hindi nila kayang pumanig sa katotohanan, dahil sumusunod sila sa masasamang tao at pumapanig sa masasamang tao, at dahil nakikipagsabwatan sila sa masasamang tao at sumusuway sa Diyos. Alam na alam nila na ang mababanaag sa masasamang taong iyon ay kasamaan, subalit pinatitigas nila ang kanilang puso at tinatalikuran ang katotohanan upang sundan sila. Hindi ba gumagawa ng kasamaan ang lahat ng taong ito na hindi nagsasagawa ng katotohanan kundi gumagawa ng nakakasira at kasuklam-suklam na mga bagay? Bagama’t mayroon sa kanila na naghahari-harian at sumusunod naman sa kanila ang iba, hindi ba pare-pareho silang likas na masuwayin sa Diyos? Ano ang ikakatwiran nila para sabihin na hindi sila inililigtas ng Diyos? Ano ang ikakatwiran nila para sabihin na hindi matuwid ang Diyos? Hindi ba ang sarili nilang kasamaan ang sumisira sa kanila? Hindi ba ang sarili nilang pagkasuwail ang humahatak sa kanila pababa sa impiyerno? Ang mga taong nagsasagawa ng katotohanan, sa bandang huli, ay maliligtas at gagawing perpekto dahil sa katotohanan. Yaong mga hindi nagsasagawa ng katotohanan, sa

bandang huli, ay maghahatid ng pagkawasak sa kanilang sarili dahil sa katotohanan. Ito ang wakas na naghihintay sa mga nagsasagawa at hindi nagsasagawa ng katotohanan. Pinapayuhan Ko ang mga hindi nagplaplanong isagawa ang katotohanan na lisanin ang iglesia sa lalong madaling panahon upang hindi na makagawa ng mas marami pang kasalanan. Pagdating ng panahon, magiging huli na ang lahat para magsisi. Lalo na, yaong mga naggugrupu-grupo at lumilikha ng pagkakawatak-watak, at yaong mga lokal na maton sa loob ng iglesia, ay kailangang lumisan nang mas maaga. Ang mga taong iyon, na may likas na pagkataong kasingsama ng mga lobo, ay walang kakayahang magbago. Mas mabuti pang lisanin nila ang iglesia sa pinakamaagang pagkakataon, at huwag nang gambalaing muli ang normal na buhay ng mga kapatid kailanman, at sa gayon ay maiwasan nila ang parusa ng Diyos. Makakabuting gamitin ninyong mga sumama na sa kanila ang pagkakataong ito upang magmuni-muni sa inyong sarili. Lilisanin ba ninyo ang iglesia na kasama ng masasama, o mananatili kayo at susunod nang tapat? Kailangan ninyong pag-isipang mabuti ang bagay na ito. Binibigyan Ko kayo ng isa pang pagkakataon upang pumili, at hinihintay Ko ang inyong kasagutan.

mula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ngayon ay nais Kong gumawa ng isang grupo ng mga tao na kaayon ng Aking puso sa lalong madaling panahon, isang grupo ng tao na kayang isaalang-alang ang Aking mga pasanin. Gayunman, hindi Ko mapigilang linisin at dalisayin ang Aking iglesia; ang iglesia ang puso Ko. Kinasusuklaman Ko ang lahat ng masasamang tao na pinipigilan kayo sa pagkain at pag-inom ng Aking salita. Ito’y dahil may ilang tao na hindi Ako tunay na ninanais. Ang mga taong ito ay puno ng panlilinlang, hindi sila lumalapit sa Akin sa kanilang totoong puso; masasama sila, at sila ang mga taong hinahadlangan ang pagsasagawa ng Aking kalooban; sila ang mga taong hindi nagsasagawa ng katotohanan. Ang mga taong ito ay puno ng pagmamagaling at pagmamataas, ambisyoso silang walang taros, gusto

nilang nanlalait, at bagama't ang mga salitang sinasabi nila ay maganda sa pandinig, pero lihim nilang hindi isinasagawa ang katotohanan. Ang lahat ng masasamang taong ito ay lilipulin at lubusang mapapaalis; manlulupaypay sila sa mga sakuna.

Hinango mula sa "Kabanata 24" ng Mga Pagbigkas ni Cristo sa Pasimula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Maaaring sa lahat ng taon ng pagsampalataya mo sa Diyos, hindi ka pa nakasumpa ng sinuman o nakagawa ng masama kailanman, subalit sa pakikisama mo kay Cristo, hindi mo kayang magsabi ng katotohanan, kumilos nang tapat, o sumunod sa salita ni Cristo; kung gayon, sinasabi Ko na ikaw ang pinakamasama at walang-budhing tao sa mundo. Maaaring napakabait mo at tapat ka sa iyong mga kamag-anak, kaibigan, asawa, anak, at magulang, at hindi ka nagsasamantala sa iba kailanman, ngunit kung hindi mo kayang umayon kay Cristo, kung hindi mo magawang makihalubilo sa Kanya nang maayos, kahit gugulin mo pa ang iyong lahat-lahat sa pagtulong sa iyong mga kapitbahay o sa masusing pag-aalaga sa iyong ama, ina, at mga miyembro ng inyong sambahayan, sasabihin Ko na masama ka pa rin, at bukod dito ay puno ka ng mga tusong panlilinlang.

Hinango mula sa "Yaong mga Hindi Kaayon ni Cristo ay Tiyak na mga Kalaban ng Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ano ang ibig sabihin ng pagiging busilak ang puso? Ang mga umiibig lamang sa katotohanan at sa mga positibong bagay ang busilak ang puso. Ang masasama ba ay umiibig sa mga positibong bagay? Nais ng masasama ang mga buktot, mababangis, at mga malisyosong bagay. Iniibig nila ang lahat ng bagay na may kaugnayan sa mga negatibong bagay. Kapag binabanggit ang mga positibong bagay—kapag sinasabihan sila na ang isang bagay ay may kapakinabangan sa mga tao, na ito ay mula sa Diyos—hindi nila nagugustuhan kung ano ang kanilang naririnig at nawawalan sila ng interes. At dahil ganoon, walang paraan para sila ay maligtas. Gaano man kahusay sa pagkakapaliwanag ng katotohanan, gaano man katotoo ang paraang ito, ang kanilang interes ay hindi

mapupukaw—ngunit kapag binabanggit ang pagkain, pag-inom, pagpapakasaya, kalaswaan, pagsusugal, pagnanakaw, at pang-aagaw, sila ay sumisigla. Ito ay mabagsik at masamang disposisyon, walang kabutihan sa kanilang mga puso, kaya't wala silang kakayahang umibig sa mga positibong bagay. Paano nila tinitingnan ang mga positibong bagay sa kanilang mga puso? Nang may pangungutya. Hinahamak nila ang mga iyon at ginagawang katatawanan. Kapag binabanggit ang pagiging tapat, iniisip nila, "Walang ginagawa ang mga tapat na tao kundi ang magdusa. Hindi ako magiging tapat. Ikaw ay hangal dahil sa pagiging tapat, tingnan mo kung gaano kahirap para sa iyo ang pagganap ng iyong tungkulin. Hindi mo kailanman inisip na bigyan ng daan palabas ang iyong sarili, hindi mo isinaalang-alang ang iyong kalusugan. Sino ang mag-aalaga sa iyo kapag hapong-hapo ka na?" Sinasabi ng iba, "Kailangang magtira tayo ng daang palabas para ating mga sarili. Hindi tayo maaaring bulag-bulagang magpatuloy sa labis na pagtatrabaho at pagpapakahirap. Kailangan nating maghanda ng daan palabas, pagkatapos ay gumawa lamang ng mapapansing pagsusumikap." Ang pagsasalita tungkol sa sarili nilang pag-iisip ay nagpapasaya sa kanila, ngunit anumang pagbanggit tungkol sa ganap na pagpapasakop, sa tapat na paggugol ng sarili at pagganap sa tungkulin, sa pagsasabuhay ng katotohanan, sa anumang lumalabag sa kanilang mga pansariling kapakinabangan ay nagpapagalit sa kanila, kinamumuhian nila ito, at binabalewala. Hindi ba't masasama ang ganitong mga tao? Hindi ba't maitim ang kanilang mga puso? Dahil dito, mayroong layunin sa kakarampot nilang inilalaan, ginagastos, at tinatalikuran. Pinag-isipan nilang mabuti ang lahat ng ito: Magbibigay sila ng isang bahagi, at kukuha ng sampung bahagi bilang kapalit. Tila ito lamang ang makatuwiran sa kanila. Anong uri ito ng disposisyon? Ito ay kasamaan at karahasan.

Hinango mula sa "Kapag Kilala Mo ang Iyong Sarili, Saka Mo Lamang Hahangaring Matamo ang Katotohanan" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Paano nagkakasundo ang mga anticristo at ang masasama? Karaniwan silang nagtatawanan at nagbibiruan; nagbobolahan sila at

nagpapalakas para makuha ang pabor ng isa't isa. Nagkukumpul-kumpol ang masasama kung saan man naroroon ang mga anticristo; palagi silang magkakasama, tulad ng mga langaw na sinusundan ang alingasaw. Walang seryosong trabaho ang nagagawa kapag magkakasama sila; pinagtsitsismisan lang nila kung sino ang nagsalita nang hindi maganda laban kanino o kung sino ang bumatikos sa mga pinuno, o kung nakikita nila ang mga taong hindi kanais-nais sa kanila, pag-iisipan nila kung paano sila patalsikin. Ang pinag-uusapan lamang nila ay kung paano pahihirapan ang iba. Pinag-uusapan din nila kung paano manindigan laban sa nasa Itaas, kung paano malalaman nang maaga kapag may nagpaplanong mag-ulat ng isyu laban sa kanila, at kung anong gagawin tungkol dito sa oras na malaman nila. Ganyan ang mga usapin na pinag-uusapan ng grupong ito ng masasama. Kapag magkakasama, hindi sila kailanman nagbabahagi tungkol sa kung aling mga kapatid ang maaaring mahina o negatibo, kulang ng kasiglahan sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin, o nalinlang dahil sa isang bagay, ni pinag-uusapan nila kung paano pinakamahusay na makakatulong at makakasuporta sa mga kapatid na iyon, o aling mga aspeto ang maaaring mapagbuti ng iglesia. Kapag magkakasama, hindi tinatalakay ng mga anticristo ang mga pamamaraan upang malutas ang mga problemang ito; hindi nila pinag-uusapan ang tungkol sa mga ganitong bagay. Nagtsitsismisan lamang sila tungkol sa kung sino ang hindi nasisiyahan sa kanila, kung sino ang banta sa kanilang katayuan, kung sino ang mag-uulat ng isyu laban sa kanila, at kung sino ang nakikipag-ugnayan sa Itaas. Matapos talakayin ang isang bagay, kikilos ang mga anticristo at isasakatuparan ito sa mga iglesia, at ang kanilang pakikialam ay makakapagpagulo sa mga iglesia. Magkakagulo ang lahat ng tao, at sa huli, ang mga magkakapatid ay magsisimulang maghinala at manibugho sa isa't isa, sinisiraan ang bawat isa at inilalantad ang isa't isa—sa gayon, nakakamit ang mga layunin ng mga anticristo. Ganito pinangungunahan ng mga anticristo ang mga iglesia. Kung gagawin ng masasama ang sinabi nila, poprotektahan sila ng mga anticristo. Kung hindi naman gawin ng masasama ang sinabi nila, ang masasama ang unang haharapin. Kung

sumusunod ang mga masasamang iyon sa mga anticristo, at maaari silang hikayatin at maakit, gagawin ng mga anticristo na mga kasabwat at tagasuplong ang mga masasamang iyon upang isakatuparan ang mga masasamang gawain para sa kanila. Itatanim nila ang mga masasamang iyon sa kalipunan ng iba pang mga kapatid upang malaman kung sino ang nagsasalita nang masama kapag nakatalikod sila, kung sino ang may mga reklamo laban sa kanila, kung sino ang may ilang pananaw sa mga salita ng Diyos at nais na kumilatis tungkol sa kanila at tungkol sa ilang mga bagay na maaaring makapaglantad sa kanila kung ano talaga sila, kung sino sa nasa ilalim nila ang may plano na iulat sila, at kung sino ang madalas na nais na makipag-ugnayan sa Itaas. Partikular nilang binabantayan ang mga bagay na ito, at pagkatapos, kapag magkakasama silang lahat, tinatalakay nila kung paano ito kokontrahin, pinagpapasiyahan kung sino ang maaaring itiwalag bawat araw, at pagkatapos ay pagmumukhain itong opisyal sa pamamagitan ng pagboto. Ito ang mga bagay na ginagawa ng mga anticristo; ganito nila pinamumunuan ang mga iglesia. Sa mga lokasyon na may mga anticristo at masasama, nangangamoy masangsang na mga singaw ang mga iglesia. Tinatawag itong diablo ang namamahala. May mabuti bang ibubunga kapag diablo ang namamahala? Magdadala lamang ito ng kalamidad sa mga hinirang ng Diyos.

Hinango mula sa “Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (3)” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

117. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala ng mga Huwad na Pinuno at mga Manggagawa

(1) Mga huwad na pinuno at mga manggagawa ang lahat nang gumagawa lamang para sa katayuan, reputasyon, at pakinabang, hindi nagtataguyod sa katotohanan, at hindi nagtataglay ng katotohanang realidad;

(2) Mga huwad na pinuno at mga manggagawa ang lahat ng mapagmataas at mapagmagaling, ang mga hindi man lang tumatanggap

sa katotohanan, at ang mga kumikilos ng walang mga prinsipyo, na may kakayahang gumawa ng sinasadya at hindi makatuwirang pagkilos.

(3) Mga huwad na pinuno at mga manggagawa ang mga nangangaral lamang ng mga kasulatan at mga doktrina, na hindi ginagamit ang katotohanan upang lutasin ang mga suliranin, at ang mga hindi nakakagawa ng mga praktikal na gawain;

(4) Mga huwad na pinuno at mga manggagawa ang lahat ng hindi nakakakilala ng kanilang mga sarili, ang mga hindi tunay na nagsisi, at ang mga hindi nagbibigay ng mga praktikal na patotoo mula sa karanasan.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang gawain ng isang karapat-dapat na manggagawa ay maaaring dalhin ang mga tao sa tamang daan at pagkalooban sila ng mas malaking pagpasok sa katotohanan. Ang kanyang gawain ay maaaring dalhin ang mga tao sa harap ng Diyos. Dagdag pa rito, ang gawaing kanyang ginagawa ay maaaring mag-iba-iba sa bawat indibiduwal at hindi nakatali sa mga tuntunin, na nagtutulot sa mga tao na magkaroon ng laya at kalayaan, at binibigyan sila ng kakayahan na unti-unting lumago sa buhay at magkaroon ng mas malalim na pagpasok sa katotohanan. Ang gawain ng isang manggagawang hindi karapat-dapat ay malayung-malayo. Ang kanyang gawain ay kalokohan. Maaari lamang niyang dalhin ang mga tao sa mga tuntunin, at ang hinihingi niya sa mga tao ay hindi nag-iiba-iba sa bawat indibiduwal; hindi siya gumagawa ayon sa aktuwal na mga pangangailangan ng mga tao. Sa ganitong uri ng gawain, napakaraming tuntunin at napakaraming doktrina, at hindi nito madadala ang mga tao sa realidad, ni sa normal na pagsasagawa ng paglago sa buhay. Maaari lamang nitong bigyang-kakayahan ang mga tao na sumunod sa ilang tuntunin na walang halaga. Ang gayong uri ng paggabay ay maaari lamang iligaw ng landas ang mga tao. Inaakay ka niya na maging katulad niya; madadala ka niya tungo sa kung ano ang mayroon siya at ano siya. Upang matalos ng mga alagad kung karapat-dapat ang mga pinuno, ang mahalaga ay tumingin sa landas na kanilang tinatahak at sa mga resulta ng kanilang gawain, at tingnan kung ang mga alagad ay tumatanggap ng mga

prinsipyo alinsunod sa katotohanan, at kung tumatanggap sila ng mga paraan ng pagsasagawa na angkop sa kanilang pagbabago. Dapat mong makilala ang pagkakaiba sa pagitan ng naiibang gawain ng iba't ibang uri ng mga tao; hindi ka dapat maging hangal na alagad. May epekto ito sa pagpasok ng mga tao. Kung hindi mo magawang kilalanin kung aling pamunuan ng tao ang may landas at alin ang wala, madali kang malilinlang. Lahat ng ito ay may tuwirang epekto sa iyong sariling buhay.

Hinango mula sa "Gawain ng Diyos at Gawain ng Tao" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Bilang mga lider at manggagawa sa iglesia, kung gusto mong akayin ang mga piniling tao ng Diyos sa realidad ng katotohanan at maglingkod bilang mga saksi ng Diyos, pinakamahalaga, dapat na mas malalim ang pang-unawa mo sa pakay ng Diyos sa pagliligtas ng mga tao at sa layunin ng Kanyang gawain. Dapat mong unawain ang kalooban ng Diyos at ang Kanyang iba't ibang hinihingi sa mga tao. Dapat kang maging praktikal sa mga pagsusumikap mo; isagawa lamang yaong naiintindihan mo at ipahayag lamang yaong nalalaman mo. Huwag magyabang, huwag magsalita nang labis, at huwag gumawa ng mga iresponsableng pahayag. Kung magsasalita ka nang labis, kamumuhian ka ng mga tao at makakaramdam ka ng paninisi pagkatapos; sadyang hindi ito kaangkop-angkop. Kapag ipinagkaloob mo ang katotohanan sa iba, hindi mo kailangang pagsabihan o kagalitan sila para matamo nila ang katotohanan. Kung ikaw mismo ay walang taglay na katotohanan at pinagsasabihan lang at pinanagalitan ang iba matatakot sila sa iyo, ngunit hindi ibig sabihin niyan ay nauunawaan nila ang katotohanan. Sa ilang gawaing administratibo, tama lang na pagsabihan at pungusan at disiplinahin ang iba kahit papaano. Ngunit kung hindi mo maipagkakaloob ang katotohanan at ang alam mo lamang ay magdomina at manermon sa iba, ang iyong katiwalian at kapangitan ay ibubunyag. Sa paglipas ng panahon, habang hindi natatamo ng mga tao ang panustos ng buhay o mga praktikal na bagay mula sa iyo, kamumuhian ka nila at kayayamutan. Yaong mga

walang pagkaunawa ay matututo ng mga negatibong bagay mula sa iyo; matututuhan nilang pagsabihan at pungusan ang iba, magalit, at hindi makapagtimpi. Hindi ba't katumbas iyan ng pag-akay sa iba tungo sa landas ni Pablo, sa landas patungo sa kapahamakan? Hindi ba't masamang gawain iyan? Ang gawain mo ay dapat nakatuon sa pagpapahatid ng katotohanan at sa pagtustos ng buhay sa iba. Kung ang gagawin mo lamang ay pikit-matang pagsabihan at sermunan ang iba nang hindi mo pinag-iisipan, paano pa nila mauunawaan ang katotohanan. Sa paglipas ng panahon, makikita ng mga tao kung sino kang talaga at tatalikuran ka nila. Paano ka makakaasang madala ang iba sa harapan ng Diyos sa ganitong paraan? Paano ito nagiging paggawa ng gawain? Maiwawala mo ang lahat kung patuloy kang gagawa sa ganitong paraan. Ano ba talagang gawain ang inaasam mong maisakatuparan sa ganitong paraan? May ilang lider na walang kakayahang maghatid ng katotohanan para lumutas ng mga probema. Sa halip basta na lamang nilang pikit-matang pinagsasabihan ang iba at ipinangangalandakan ang kanilang kapangyarihan upang katakutan sila at sundin sila—ang ganitong mga tao ay mga huwad na lider at mga anticristo. Yaong mga hindi nagbago ng disposisyon ay walang kakayahang gumanap ng gawain ng simbahan at hindi kayang maglingkod sa Diyos.

Hinango mula sa "Yaon Lamang mga May Katotohanang Realidad ang May Kakayahang Mamuno" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Maraming tao sa Aking likuran ang nag-iimbot sa pagpapala ng katayuan, nagpapakasasa sila sa pagkain, mahilig silang matulog at masusing pinangangalagaan ang laman, palaging natatakot na wala nang pag-asa para sa laman. Hindi nila ginagampanan ang kanilang nararapat na tungkulin sa iglesia, bagkus ay sinasamantala ang iglesia, o kaya ay pinagsasabihan ang kanilang mga kapatiran gamit ang Aking mga salita, pinaghaharian ang iba mula sa mga posisyon ng awtoridad. Palaging sinasabi ng mga taong ito na ginagawa nila ang kalooban ng Diyos at palaging sinasabi na sila ay mga kaniig ng Diyos—hindi ba ito katawa-

tawa? Kung ikaw ay may tamang mga intensyon, nguni't hindi kayang maglingkod ayon sa kalooban ng Diyos, ikaw ay nagpapakahangal; nguni't kung ang iyong mga intensyon ay hindi tama, at sinasabi mo pa rin na ikaw ay naglilingkod sa Diyos, ikaw ay isang taong sumasalungat sa Diyos, at nararapat kang parusahan ng Diyos! Wala Akong simpatya sa mga ganoong tao! Sa bahay ng Diyos, nagsasamantala sila, palaging nag-iimbot sa mga kaginhawahan ng laman, at walang pagsasaalang-alang sa mga interes ng Diyos. Palagi nilang hinahanap kung ano ang mabuti para sa kanila, at hindi nila iniintindi ang kalooban ng Diyos. Hindi nila tinatanggap ang pagsusuri ng Espiritu ng Diyos sa anumang ginagawa nila. Palagi nilang minamaniobra at nililinlang ang kanilang mga kapatiran, at dalawa ang kanilang mukha, tulad ng isang soro sa ubasan, palaging nagnanakaw ng mga ubas at tinatapak-tapakan ang ubasan. Maaari bang maging mga kaniig ng Diyos ang gayong mga tao? Ikaw ba ay angkop na tumanggap ng mga pagpapala ng Diyos? Hindi ka nagdadala ng pasanin para sa iyong buhay at sa iglesia, ikaw ba ay angkop na tumanggap ng tagubilin ng Diyos? Sino ang mangangahas na magtiwala sa isang katulad mo? Kapag ikaw ay naglilingkod nang ganito, maaari bang mangahas ang Diyos na ipagkatiwala sa iyo ang mas malaking gawain? Hindi ba ito magdudulot ng mga pagkaantala sa gawain?

Hinango mula sa "Paano Maglingkod na Kaayon ng Kalooban ng Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang ilang tao'y gumagawa at nangangaral at, bagaman sa ibabaw mukhang sila'y nagbabahagi ng salita ng Diyos, ang tanging sinasalita nila ay tungkol sa literal na kahulugan ng salita ng Diyos, walang binabanggit na may nilalaman. Ang kanilang mga sermon ay parang pagtuturo mula sa isang tekstong-aklat ng wika, na nakaayos batay sa aytem, aspeto, at kapag tapos na sila umaawit ng mga papuri ang lahat, sinasabing: "Ang taong ito'y mayroong realidad. Napakahusay nilang mangaral at napaka-detalyado." Matapos silang mangaral, sinasabihan nila ang iba na pagsama-samahin ang lahat ng ito at ipadala sa lahat. Ang kanilang

pagkilos ay nagiging panlilinlang ng iba at ang tanging ipinangangaral nila ay mga kabulaanan. Sa ibabaw, mukhang salita lamang ng Diyos ang ipinangangaral nila at mukhang kaayon ito sa katotohanan. Nguni't sa maingat na pagtalos, makikita mong walang iba kundi mga titik at doktrina at huwad na pangangatwiran kasama ng ilang guni-guni at pagkaunawa ng tao gayundin ay ilang bahagi na naglilimita sa Diyos. Hindi ba ang ganitong uri ng pangangaral ay isang paggambala sa gawain ng Diyos? Ito'y paglilingkod na sumasalungat sa Diyos.

Hinango mula sa "Sa Pamamagitan Lamang ng Paghahabol sa Katotohanan Nakakamit ng Isang Tao ang Pagbabago sa Disposisyon" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

May ilang mga tao na inaarmasan lamang ang kanilang mga sarili ng ilang mga katotohanan para sa panahon ng kagipitan o upang pabayaan ang kanilang mga sarili at tulungan ang iba, hindi upang lutasin ang sarili nilang mga kaguluhan; ang tawag natin sa kanila ay "walang pag-iimbot na mga tao." Tinuturing nila ang iba bilang mga papet ng katotohanan at ang kanilang mga sarili bilang mga dalubhasa ng katotohanan, tinuturuan ang iba na masunuring mamalagi sa katotohanan at huwag maging pasibo, habang sila sa kanilang mga sarili ay nanonood sa mga tabi—anong uring mga tao sila? Armado ng ilang mga salita ng katotohanan upang turuan lamang ang iba, habang sila ay walang ginagawa upang hadlangan ang kanilang mga sarili na makatagpo ang kanilang sariling pagkawasak—kalunus-lunos! Kung ang kanilang mga salita ay makakatulong sa iba, bakit hindi nila matulungan ang kanilang mga sarili? Dapat nating tawagin silang mga ipokrito na walang realidad.

Hinango mula sa "Yaong mga Nagmamahal sa Katotohanan ay May Landas Pasulong" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Ano ang isang "huwad na pinuno"? Sabi ng ilan walang gawain ng Banal na Espiritu ang mga pinuno. Totoo ito, ngunit masasabi mo ba kung may gawain ng Banal na Espiritu ang isang tao o wala? Kung minsan hindi. Maaaring taglay ng ilang tao ang gawain ng Banal na Espiritu sa ilang

panahon, at ay mawawala na sa kanila ang gawain ng Banal na Espiritu matapos sa ilang panahon. Kung titingnan iyon mula sa aspetong ito, ito'y lubos na malabo at hindi ganap na malinaw, at kaya dapat nating gawin ang nararapat mula sa kung ano talaga ang nakikita ng mga tao. Ano ba talaga ang isang huwad na pinuno? Ibinuod nang simple hangga't maaari, ang isang huwad na pinuno ay isang tao na hindi naghahanap ng katotohanan at hindi kayang gumawa ng praktikal na gawain. Tiyak na ang mga gayong tao ay nakakapagpangaral lang ng mga titik at doktrina, at hindi sila kailanman makakatanggap ng gawain ng Banal na Espiritu. Hindi ito mapag-aalinlanganan. Kaya, ang ugat na dahilan kung bakit ang isang tao ay hindi nakakagawa ng praktikal na gawain at nagiging isang huwad na pinuno ay dahil hindi nila hinahanap ang katotohanan. Maaaring itanong ng ilan, "Hindi kayang gumawa ng taong ito ng praktikal na gawain sa ngayon, ngunit makakagawa ba sila ng praktikal na gawain matapos ang ilang taon ng pagsasanay?" Maski sampung taon ng pagsasanay ay hindi makakatulong, dahil hindi nila hinahanap ang katotohanan. Ano ang kahulugan kapag hindi hinahanap ng isang tao ang katotohanan? Nangangahulugan iyon na hindi nila mahal ang katotohanan, hindi tinatanggap ang katotohanan, at hindi isinasagawa ang katotohanan. Sama-sama, binubuo ng tatlong pahayag na ito ang ugat na dahilan na hindi nila hinahanap ang katotohanan. Kapag hindi minamahal ng isang tao ang katotohanan at kinamumuhian pa ang katotohanan, walang paraan upang malaman mo, maliban kung sabihin nila, kaya ano ang nagpapatunay na hindi mahal ng isang tao ang katotohanan? Paano mo malalaman na hindi mahal ng isang tao ang katotohanan? Iyon ay hindi nila tinatanggap ang katotohanan. Binabasa nila ang mga salita ng Diyos at hindi tinatanggap ang katotohanan, Pinakikinggan nila ang pagbabahagi ng iba sa katotohanan at hindi ito tinatanggap, at, kapag tinatabas at pinakikitunguhan sila ng iba, hindi nila ito tinatanggap. Pinatutunayan nitong tiyak na mga tao silang hindi nagmamahal sa katotohanan, na kinamumuhian ng taong ito ang katotohanan. Sa ibabaw maaaring hindi sila mukhang gumagawa ng maraming kasamaan, ngunit hindi

isinasagawa ng mga gayong tao ang katotohanan kailanman; hindi nila kailanman isinasagawa ang katotohanan ng pagiging matapat, hindi nila kailanman isinasagawa ang katotohanan ng pagsunod sa Diyos, at hindi nila kailanman isinasagawa ang katotohanan ng pagtupad sa kanilang mga tungkulin ayon sa mga pangangailangan ng Diyos. Kahit na kapagbinitawan nila ang tahanan at karera para gumawa ng kaunting gawain sa iglesia, ginagawa lang nila iyon upang tumanggap ng mga pagpapala. Kagaya ni Pablo, lahat ng gawin nila ay may bahid, may likas na katangian ng pakikipagtawaran, at hindi iyon pagsasagawa ng katotohanan.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Paano ba talaga nakikilala ang serbisyo ng mga huwad na pinuno at mga anticristo? Maaari itong suriin gamit ang ilang pamantayan. Ang unang pamantayan ay kung ang mga naglilingkod sa Diyos ay walang pag-unawa ng kanilang sariling mga tiwaling diwa, o walang anumang patotoong pangkaranasan mula sa pagbabago ng kanilang mga disposisyon, kung gayon ay pinagtitibay nito na sila ay talagang mga huwad na pinuno, mga huwad na apostol, o mga huwad na manggagawa. Ang pangalawang pamantayan ay ang mga taong naglilingkod sa Diyos ay hindi kailanman nagsasalita tungkol sa kung paano nila nauunawaan ang Diyos, paano sila nagpapasakop sa Kanya, o paano nila nararanasan ang Kanyang gawain, kung gayon ito ay sapat na katibayan upang matukoy na ang mga taong ito ay talagang walang tunay na kaalaman sa Diyos, at tiyak na hindi sila nagpapasakop sa Kanya o nagpapatotoo sa Kanya. Pinagtitibay niyo na sila ay mga huwad na pinuno, mga huwad na apostol, o mga huwad na manggagawa. Ang pangatlong pamantayan ay kung ang mga naglilingkod sa Diyos ay hindi kailanman nagsasalita tungkol sa kanilang mga praktikal na karanasan, paano sila nagkamit ng pagpasok sa mga salita ng Diyos, paano sila nagpapasakop sa harap ng Kanyang paghatol at pagkastigo, paano sila tumatayong saksi o paano nila

napalugod ang Kanyang kalooban habang sumasailalim sa iba-ibang pagsubok, kung gayon ang mga taong ito ay tiyak na walang karanasan pagdating sa aspetong ito. Kung wala silang karanasan kaugnay sa aspetong ito, at hindi nakapagbibigay ng patotoo tungkol sa anumang mga karanasang may kaugnayan sa aspetong ito, kung gayon paano nila pamumunuan ang mga pinili ng Diyos upang maranasan ang Kanyang gawain? Sa kadahilanang ito kaya ang mga gayong tao ay mga huwad na pinuno, mga huwad na apostol, o mga huwad na manggagawa. Kung ang mga taong naglilingkod sa Diyos ay hindi kailanman nagsasalita tungkol sa kung gaano nila Siya kamahal, gaano sila mapagsaalang-alang sa Kanyang kalooban, kung gayon sila ay talagang mga taong hindi tunay na nagmamahal sa Diyos. It ay dahil wala silang patotoo mula sa mga karanasan pagdating sa aspetong ito; hindi sila nagsasalita tungkol sa mas malalalim na patotoo ng mga karanasan ng ibang tao upang patnubayan ang mga pinili ng Diyos patungo sa tunay na pagmamahal at pagpapasakop sa Diyos. Wala silang mga pusong nagmamahal sa Diyos, at pinupuri lang nila ang kanilang mga sarili at nagpapakitang-gilas. Samakatuwid, ang mga gayong tao ay tumatahak sa landas ng anticristo. Kung ang isang taong naglilingkod sa Diyos ay hindi nagsasalita tungkol sa Kanyang mga salita, sa Kanyang kalooban, o sa Kanyang mga hiling sa tao at kung paano danasin ang gawain ng Diyos, kung gayon, talaga bang pinaglilingkuran ng taong iyon ang Diyos? Ang mga gayong tao ay naglilingkod lang sa kanilang mga sarili; nagbibigay sila ng serbisto sa kanilang sariling katayuan at reputasyon. Iyon ang dahilan kaya ang mga gayong tao ay talagang mga huwad na pinuno, mga huwad na apostol, o mga huwad na manggagawa; bukod doon, sila ay mga anticristo. Hindi ito mga tao na tunay na nagmamahal sa Diyos. Sa pamamagitan ng pagtingin sa mga aspetong ito, malalaman natin kung ang isang tao ba na naglilingkod sa Diyos ay talagang isang huwad na pinuno o isang anticristo o hindi, at kung sila ba ay tumatahak sa landas ni Pedro o ni Pablo. Napakakaunti ng ipinatotoo ni Pablo tungkol sa Panginoong Jesus. Bihira siyang nagpatotoo sa kung anong meron at ano ang Panginoong Jesus,

paano Siya nangaral, ang mga disposisyong Kanyang ipinahayag, o paano Siya nagmahal ng mga tao. Napakakaunti ng mga sinabi ni Pablo tungkol sa mga gayong bagay, kaya hindi niya talaga minahal ang Panginoong Jesus. Subalit, maraming mga sinabing salita si Pedro na nagpapatotoo sa Kanya. Dahil siya ay partikular na nakatuon sa pagkakamit ng pag-unawa sa Diyos sa pamamagitan ng Panginoong Jesus, nakita niya kung gaano kaibig-ibig ang Panginoong Jesus, ang pagmamahal Niya para sa sangkatauhan, at ang awa, pagmamahal, pagpapaubaya, at pasensya Niya para sa tao. Ito ang dahilan kung bakit madalas nagpatotoo si Pedro para sa Panginoong Jesus, at ito rin ang dahilan kung bakit si Pedro ay isang tao na tunay na nagmahal sa Panginoon. May tatlong bagay na kailangang tandaan kung kikilalanin mo ang mga tao sa ganitong paraan. Una, tingnan kung ang isang tao ay nagsasalita tungkol sa paano nila naunawaan ang sarili nilang tiwaling diwa; ito ang pinakatotoo, kailangang-kailangan, at pangunahing karanasan sa buhay. Pangalawa, tingnan kung paano sila nagbabahagi tungkol sa karanasan nila at pag-unawa sa mga salita ng Diyos at anong karanasan ng pagpasok sa reyalidad ang meron sila. Pangatlo, tingnan kung paano sila nagpapatotoo para sa Diyos. Dapat mong makita kung talagang nagpapatotoo sila sa gawain ng Diyos, pagmamahal, at di-naaagrabyadong matuwid na disposisyon; matukoy kung talagang nagdadala sila ng mga tao sa harap ng Diyos, kung nakakatulong sa mga tao ang kanilang gawain na maunawaan ang Diyos at ang disposisyon ng Diyos, at kung ang gawaing ginagawa ng taong iyon ay nakakatulong sa mga tao na pumasok sa mga salita ng Diyos at tunay na maranasan ang Kanyang paghatol at pagkastigo. Kung ang mga salita at gawain ng tao ay hindi nakakatulong sa mga tao na tumapak sa tamang daan ng paniniwala sa Diyos, o umunawa at magpasakop sa Diyos, kung gayon ito ay sapat na katibayan na ang kanilang gawain ay hindi kinapapalooban ng gawain ng Banal na Espiritu, hindi sila nagkamit ng tunay na pagpasok, at hindi sila nagtataglay ng katotohanan. Samakatuwid, ang taong ito ay walang kakayahang magsalita tungkol sa mga katotohanang ito. Sa ganito mo dapat makilala kung ang isang taong

naglilingkod sa Diyos ay isa talagang huwad na pinuno o isang anticristo, at ang ganitong pamamaraan ng pagkilala ay garantisadong tumpak. Hindi ka magkakamali kung kikilala ka sa ganitong paraan.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

118. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa mga Demonyong Anticristo

(1) Mapagmataas at palalo ang lahat ng demonyong anticristo, at hindi nagpapasakop kanino man. Hindi nila kailanman dinadakila ang Diyos o nagpapatotoo sa Kanya, ngunit mga napakatalino sa pangangaral ng mga kasulatan at mga doktrina na nanlilinlang sa iba;

(2) Kinamumuhian at nilalabanan ng lahat ng demonyong anticristo ang katotohanan. Hindi nila kilala ni kaunti ang kanilang mga sarili, walang kabatiran sa kanilang mga sarili, at sadyang mapagmataas at mapagmagaling;

(3) Interesado lamang sa pakikipaglaban para sa kapangyarihan at kapakinabangan ang mga demonyong anticristo. Palagi silang naghahangad na malinlang, mabitag, at makontrol ang iba—upang maitatag ang saili nilang mga kaharian, at upang mapasunod ang iba sa kanila;

(4) Nagkikimkim ng sagad-butong pagkamuhi ang lahat ng kabilang sa mga demonyong anticristo sa taong ginamit ng Banal na Espiritu, at gumagamit sila ng lahat ng uri ng pamamaraan upang siraan, paratangan, at atakihin siya sa pag-asang maagaw ang kanyang posisyon.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ano ang pakahulugan ng Diyos sa isang anticristo? Isang lumalaban sa Diyos. Siya’y kaaway ng Diyos! Isang lumalaban sa Diyos, lumalaban sa katotohanan, na namumuhi sa katotohanan, namumuhi sa Diyos, at lubos na namumuhi sa anumang positibong bagay—hindi ito pangkaraniwang tao na panandaliang nanghina, naging mangmang, at nagkamali nang kaunti sa kanilang mga pag-iisip at pananaw, ni hindi rin isang nagtataglay ng

bahagyang kakatwang pagkaunawa na hindi kasang-ayon sa katotohanan. Hindi sila ganitong uri ng tao. Ito'y isang anticristo, isang kaaway ng Diyos. Ginagampanan niya ang papel ng taong labis na namumuhi sa anumang positibong bagay, namumuhi sa lahat ng katotohanan, at namumuhi sa kabuuan ng disposisyon at diwa ng Diyos. Paano tinatrato ng Diyos ang isang taong gumaganap sa papel na ganito? Hindi sila ililigtas ng Diyos! Likas na hinahamak at kinapopootan ng ganitong mga tao ang katotohanan. Inilalantad dito hindi ang pangkaraniwang tiwaling disposisyon ng karamihan, mga bagay na gaya ng pagmamataas, kaunting pagiging matigas, o maliit na panlilinlang; inilalantad dito ang kasamaan, kabangisan, at pagkapoot sa katotohanan—ito ang pinakamasamang pagpapakita at disposisyon sa gitna ng mga tiwaling disposisyon, at sila'y mga bagay na pinaka-pangkaraniwan at kailangan ni Satanas. Hindi ito maliit na paghahayag ng tiwaling disposisyon na nasa pangkaraniwan at tiwaling mga tao, na hindi maaaring bumuo ng isang tunay na banta sa katotohanan o magsanib hanggang maging isang malakas na pwersa—isang pwersang palaban sa Diyos. Maaari nilang lansagin at makontrol ang isang iglesia, at maaari nilang sirain at gambalian ang gawaing pamamahala ng Diyos. Magagawa ba ito ng mga pangkaraniwang natiwaling mga tao? Siyempre hindi, kaya't hindi mo ito dapat maliitin. Mayroon ding mga taong may masamang disposisyon, na ang ilan sa kanila'y kumikilos nang makasarili at kasuklam-suklam, ang ilan ay napakasama, na hindi pinahihintulutan ang iba na ipagtulakan sila, at nag-iisip na, "Kung hindi ako saktan ng mga tao, hindi ko sila sasaktan." Paano nagiging kakaiba ang mga anticristo sa ganito? Hindi pagmamataas ang pangunahing disposisyon nila, kundi lubos na kasamaan. At paano nakikita ang kasamaang ito? Makikita ito sa kakatwang paraan ng kanilang pagganap sa mga bagay-bagay, na mahirap makita para sa mga pangkaraniwang tao na may sukat ng karunungan, may kaalaman at karanasang sosyal; umangat na ito sa pagiging kasamaan, at hindi ito panlilinlang. Maaari silang maglaro ng mga larong madilim at panlilinlang, at malaro ito nang mas mabuti kaysa sa karamihan; hindi kayang

makipagkumpetensya sa kanila ng karamihan sa mga pangkaraniwang tao at hindi rin sila kayang pakitunguhan. Ito ang isang anticristo. Bakit sinasabing hindi sila kayang pakitunguhan ng pangkaraniwang tao? Sukdulan ang kanilang kasamaan kaya't nagtataglay sila ng malaking kapangyarihan upang linlangin ang mga tao. Bakit tayo nagbabahagi tungkol sa pagpapakita ng mga anticristo? Dahil kayang-kayang linlangin ng mga anticristo ang mga tao. Minsanan nilang nililinlang ang napakaraming tao, gaya ng isang nakamamatay na salot, na nakapipinsala at pumapatay sa marami sa minsanang pagsilakbo sa pamamagitan ng panghawa nito; Ito'y labis na nakakahawa at malayo ang naaabot, at ang bilis ng pagkahawa at pagkamatay sanhi nito ay mas malaki kaysa sa mga pangkaraniwang karamdaman. Hindi ba ito malulubhang kalalabasan?

Hinango mula sa "Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (4)" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Isa sa mga pinakahalatang katangian ng diwa ng isang anticristo ay para silang mga malulupit na pinunong nagpapatakbo ng sarili nilang diktadurya: Wala silang pinakikinggan, mababa ang tingin nila sa lahat, at anumang sinasabi, ginagawa ng iba, ang malilinaw na pagkaunawang mayroon sila, ang kanilang pananaw, ang kanilang mga kalakasan—sa paningin nila, mahihinang klase lamang ang mga ito sa kanila. Iniisip nilang hindi akma ang mga taong ito upang makibahagi sa bagay na nais nilang gawin, ni hindi sila kwalipikadong sangguniin, o bigyan ng mungkahi—ganyan ang uri ng disposisyong mayroon sila. Hindi ba ito isang aspekto ng mga katangian ng mga anticristo? Tinatanong ng iba kung mababang pagkatao ba ito. Napakababaw nito upang iugnay ito sa pagkatao—wala itong kinalaman sa mababang pagkatao. Ito ang kanilang disposisyon at kalikasan; ang kanilang kalikasan ay lubhang mabangis. Bakit Ko sinasabing ang kanilang kalikasan ay lubhang mabangis? Iniisip nilang sa kanila, bilang personal nilang pagmamay-ari, ang gawain ng bahay ng Diyos at ang mga interes ng iglesia, kaya't ang mga iniisip lamang nila kapag ginagawa ang gawain ng bahay ng Diyos ay ang kanilang sariling

mga interes, kanilang sariling katayuan at reputasyon. Tinatanggihan nila ang sinumang sa paningin nila ay banta sa kanilang katayuan at reputasyon. Sinusupil nila at itinatakwil sila. Ibinubukod pa nga nila at sinusupil ang mga taong kapaki-pakinabang sa iglesia at angkop para sa pagtupad ng ilang mga natatanging tungkulin. Hindi nila binibigyan ng kahit bahagyang pagsasaalang-alang ang gawain ng bahay ng Diyos, ni ang mga interes ng bahay ng Diyos. Kung isa kang banta sa kanilang katayuan, kung hindi ka nagpapasakop sa kanila, kung hindi mo sila tinitingala, kung gayon, ibinubukod ka nila, idinidistansya ka nila, hindi sila pumapayag na makipagtulungan ka sa kanila, hindi ka nila hinahayaang gampanan ang anumang mahalagang papel o maging kapaki-pakinabang sa anumang bagay na saklaw ng gawaing pananagutan nilang gawin. Ibinubukod nila ang gayong mga tao. Kung gumagawa ang sinuman sa kanila ng bagay na mabuti, isang bagay na kapakinabangan sa bahay ng Diyos, hindi hinahayaan ng mga anticristo na makita ito ng mga kapatid, hindi nila hinahayaang may makaalam na iba. Kahit gaano pa karapat-dapat na bigyang-puri ang nagawa ng taong ito o gaano pa kadakila ang nagawa nila para sa bahay ng Diyos, pinagtatakpan ito ng mga anticristo, niwawalang-halaga ito, at hinahayaang walang alam ang mga kapatid tungkol dito. Bukod pa rito, madalas na banggitin ng mga anticristo ang mga kapalpakan at katiwalian ng mga taong ito sa mga kapatid, sinasabi nilang mapagmataas ang mga taong ito, binubusisi kahit ang kaliit-liitang bagay at ginagawan ng usap-usapan ang mga tao at usapin, may-panganib na ilaglag nila ang mga interes ng bahay ng Diyos, nakakiling sila na tulungan ang mga nasa labas sa halip na ang bahay ng Diyos, mayayabang sila at marami pang iba. Nakikita nila ang lahat na lamang ng uri ng mali upang maibukod at masupil ang mga taong ito. Sa katunayan, sa kalipunan ng maraming tao sa bahay ng Diyos, ang ilan ay may mga natatanging kasanayan, at ang ilan ay may bahagyang kapintasan subalit nagagawa pa rin nilang makatupad ng mga partikular na tungkulin. Naaangkop sila para tumupad ng tungkulin, naaayon sila sa mga prinsipyo para sa mga tumutupad ng tungkulin—subalit paano naman kaya sa

paningin ng mga anticristo? Ano ang pinaniniwalaan nila? “Papahiran ko ba ng buhangin ang aking mga mata? Nais mong magkaroon ng gampanin sa aking grupo, upang makipagpaligsahan sa akin. Imposible iyon, ni huwag mong isipin ito. Mas may kakayahan ka kaysa sa akin, mas matatas kang magsalita kaysa sa akin, mas may-pinag-aralan kaysa sa akin, at mas sikat kaysa sa akin. Anong gagawin ko kung nakawin mo ang mga pinaghirapan ko at angkinin iyon? Nais mong gumawa akong kasama mo? Ni huwag mong isipin ito!” Isinasaalang-alang ba nila ang interes ng bahay ng Diyos? Hindi. Ang iniisip lamang nila ay tungkol sa kung maiingatan ba ang kanilang sariling katayuan, kaya mas nanaisin pa nilang pinsalain ang mga interes ng bahay ng Diyos kaysa gamitin ang mga taong ito. Ito ay pagbubukod. Dagdag pa rito, nililinang nila ang mga mahihina ang ulo na walang anumang abilidad, mga taong walang-kakayahan, madaling utus-utusan, madaling pasunurin, at mangmang, mga taong kapos sa malinaw na pagkaunawa, mga hindi nag-iisip sa kanilang sarili, mga hindi nauunawaan ang katotohanan—sila lamang ang nililinang nila. … Kapaki-pakinabang ba ang ganitong paraan ng pagkilos para sa gawain ng bahay ng Diyos? Hindi. At pinag-iisipan ba nila ito? Tungkol saan ang iniisip nila? “Naghahanap ako ng kahit sinong makakatrabaho ko at makakasundo ko, sinumang maipararamdam sa akin na may-kabuluhan ako, at mapapalutang ang halaga ko.” Ang kapanalig nila ay isang kumpol ng mga mahihina ang ulo na hindi nakakaunawa ng mga bagay na espirituwal. Walang sinuman sa kanila ang naghahanap sa katotohanan kapag nakakasagupa sila ng suliranin, walang sinuman sa kanila ang nakakaunawa sa katotohanan, walang sinuman sa kanila ang humaharap sa mga bagay nang ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Gayunman, may isang bagay na nagugustuhan ang mga anticristo sa kanilang sarili: Kapag nakasasagupa ang gayong mga tao ng suliranin, hinahagilap nila ang mga anticristo at ginagawa ang kanilang mga sinasabi. Ito ang prinsipyo kung saan humahanap ang mga anticristo ng mga tao upang gumawang kasama nila. Humahanap sila ng isang kumpol ng mga mahihina ang ulo, isang tambak ng basura, upang gumawa at hagkan ang kanilang mga

paa—at sa huli, nagkakaaberya ang ilan sa mga gawain ng bahay ng Diyos. Naaapektuhan ang mga interes ng iglesia at ang bilis ng gawain, subalit walang pakiramdam doon ang mga taong ito, at sinasabi pa nga, “Hindi ko naman responsibilidad lamang iyan.” Kung sinasabi ng lahat na hindi nila ito sariling responsibilidad, kung gayon kanino nga ba ito? Kung walang umaako ng responsibilidad kapag may nagaganap nang problema, ano pa punto ng pakikinig nila sa mga pangaral sa mga nagdaang taong iyon? Ang katunayan ay nasa harapan na mismo ng kanilang mga mata, subalit hindi pa rin nila nakikilala ang mga ito. Anong uri ng mga tao ang mga ito? Pinapatunayan nito na walang-kuwenta ang mga taong pinipili ng mga anticristo; hindi nila tinatanggap ang katotohanan. Sinasadya ng mga anticristo na makipagsanib-puwersa sa mga mahihina ang ulo, kahabag-habag, at walang-silbi na hindi tinatanggap at minamahal ang katotohanan. Inuudyukan nila silang gawin ang isang bagay, unti-unti nilang hinuhuli ang kanilang kalooban hanggang sa sila’y maging magkakasundo, sa matalik na paraan, at nagkakamabutihan sa isa’t isa. Ano ba ito? Hindi ba ito isang grupo ng mga anticristo? Kapag pinapalitan mo ang kanilang “mga ninuno,” tumututol ang kanilang mga tapat na supling, humahatol sila, at sinasabing hindi nagiging patas ang Kataas-taasan, at nagtitipun-tipon upang ipagtanggol sila. Sadyang masasamang tao lamang ba ang mga anticristo? Ang ilang mga anticristo ay mapag-aksaya na walang anumang makabuluhang talento, ngunit may isang bagay tungkol sa kanila: ang kanilang natatanging pagkahilig para sa katayuan. Huwag mong isipin na dahil sa kawalan ng talento at kawalan ng pinag-aralan ay wala silang pagmamahal sa katayuan; mali iyon, at ipinapakita nito na hindi mo lubos na naunawaan ang diwa ng mga anticristo. Sinuman na isang anticristo ay nagmamahal sa katayuan. Sapagkat walang kakayahan ang mga anticristo na gumawang kasama ng sinuman, paano nila nagagawang luminang ng isang kumpol ng mga taong masasama at sipsip? Nais ba nilang gumawang kasama ng gayong mga tao? Kung tunay nga silang nakagawang kasama ng mga taong ito, lalabas na hindi totoo ang mga salitang iyon. Wala silang kakayahang gumawang kasama ng sinuman—at

kabilang din sa “sinumang” iyon ang mga taong nililinang nila. Kaya’t ano ang ginagawa nilang paglinang sa kanila? Lumilinang sila ng isang grupo na madaling utus-utusan at manipulahin, na hindi makapag-iisip sa kanilang sarili, na ginagawa ang anumang sabihin sa kanila, na gumagawang kasama nila upang protektahan ang kanilang katayuan. Magiging medyo mahirap, medyo mabusisi ang protektahan ang kanilang katayuan nang walang tulong, kaya’t lumilinang sila ng gayong grupo ng mga tao—isang grupo na sa paningin nila ay ipinapalagay na mga “espirituwal” daw—na masayang nagtitiis ng paghihirap at nagagawang protektahan ang “mga interes ng bahay ng Diyos.” Bawat isa sa kanila ay gumagawa ng maraming iba’t ibang gawain, at nagpupunta sila sa mga anticristo upang magtanong o sumangguni sa tuwing nakasasagupa sila ng suliranin. Iniisip nila na ito ang ibig sabihin ng gumawang kasama ng mga tao. Subalit ganoon nga ba? Naghahanap sila ng isang kumpol ng mga tao upang utusan, upang ipagawa ang kanilang gawain, at upang patatagin ang kanilang katayuan. Hindi ito pakikipagtulungan—ito ay pagpapatakbo ng sarili nilang personal na operasyon.

Hinango mula sa “Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (8)” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ano ang kaibahan sa pagitan ng pagtataas at pagpapatotoo ng anticristo sa kanilang sarili at kapag ginagawa ito ng pangkaraniwang tao? Madalas na nagmamalaki ang mga pangkaraniwang tao at nagpapakitang-gilas upang tingalain sila ng iba; sila, rin, ay nagtataglay ng ganitong disposisyon at nagpapakita ng ganitong mga kalagayan. Nasaan ang pagkakaiba? Kung kaya mo itong bigkasin, makikita mo kung ano ang diwa ng isang anticristo. Kung hindi mo ito maisip, at itinatakda ang lahat ng paminsan-minsang pagpapakita ng pagmamalaki o pagpapakitang-gilas sa ilalim ng sakop ng mga anticristo, hindi ba ito pagkakamali ng konsepto? Paano ka, kung gayon, makagagawa ng pagtatangi-tangi? Ano ang pinakamahalagang pagkakaiba sa pagitan ng mga tao na sadyang itinataas at nagpapatotoo sa kanilang sarili, at doon sa mga ginagawa ito

nang hindi sinasadya? (Magkaiba ang kanilang mga motibasyon). Iyon ang pagkakaiba. May tiwaling disposisyon ang mga pangkaraniwang tao. Kapag itinataas nila ang kanilang sarili at nagmamalaki, sinusubukan nilang magpakitang-gilas, at hindi na ito lumalagpas pa doon. Maaari silang tingalain o maliitin ng iba—wala silang pakialam; malabo ang kanilang mga layunin, at pinamamahalaan ng isang uri ng disposisyon ang kanilang pagkilos at ito'y pagbuhos ng gayong uri ng disposisyon, at wala nang iba. Kung nanaisin nila ang katotohanan at tanggapin ang pakikitungo at pagtabas, mahatulan at kastiguhin, unti-unting mawawala ang ganitong uri ng disposisyon, at dahan-dahan silang magkakaroon ng pagkadama ng karangalan at kahihiyan, at magiging higit na makatuwiran. Magiging paunti nang paunti ang gayong pagkilos at ikokondena nila ito, na dinadaig ang kanilang sarili at pinipigilan ang kanilang sarili. Sa sandaling ito hindi sinasadyang itinataas at nagpapatotoo ang mga tao tungkol sa kanilang sarili. Ang disposisyong likas sa pagmamataas at pagpapatotoo sa kanilang sarili nang sadya ay katulad sa paggawa nito nang hindi sinasadya, ngunit hindi magkatulad ang kanilang mga kalikasan. Ang sadyang pagmamalaki at pagpapatotoo tungkol sa kanilang sarili ay ginagawa nang may palihim na layunin; ang gumagawa nito ay hindi nagsasalita nang walang naunang pagpaplano—sa bawat pagkakataong itinataas at nagpapatotoo sila tungkol sa kanilang sarili, ginagawa nila ito na may tiyak na motibasyon at lihim na layunin, at nagtataglay ng mga katangian ng mga ambisyon at pagnanasa ni Satanas. Sa panlabas, magkahawig ang pagkilos: Sa dalawang kaso, itinataas at nagpapatotoo ang mga tao sa kanilang sarili, ngunit kapag ginagawa nila ito nang hindi sinasadya, tinutukoy ito ng Diyos na pagbuhos ng isang tiwaling disposisyon; kapag sinasadya nila ito, paano ito tinutukoy ng Diyos? Tinutukoy ito ng Diyos na pagiging mapanlinlang, na may layunin na magkaroon ng mataas na pagtingin sa kanila ang mga tao, na igalang sila, tingalain sila, at pagkatapos ay sundin sila. Panlilinlang ang likas ng ganitong pag-uugali nila. Kaya't kung ang kanilang layunin ay linlangin ang mga tao, angkinin sila, at pasunurin sila, gumagamit sila ng ilang

pamamaraan at diskarte sa kanilang pananalita at pagkilos. Madaling nalilinlang at naililigaw ang mga taong hindi nakakaunawa sa katotohanan at may mababang katayuan at medyo mababaw na pundasyon, at hindi nila nakikilatiskung ano ang nangyayari. Hindi lamang sila bulag dito, malaki rin ang pagkakataon na titingalain nila ang mga taong ito at hangaan sila. Sa paglipas ng panahon, igagalang din nila at susundan pa nga nila ang mga taong ito. Ang isa sa pinakamadalas na makitang pangyayari sa pang-araw-araw na kabuhayan ay kapag ang ilang taong tila may mabuting pagkaunawa ng isang sermon na katatapos pa lamang nilang mapakinggan ngunithindi makalutas sa mga suliraning kinakaharap nila kalaunan. Kahit na humaharap sila sa Diyos upang maghanap, wala silang nararating, at napipilitan silang hanapin ang kanilang pinuno, na siyang palagi nilang iniisip sa tuwing may kinakaharap silang suliranin. Katulad ito ng pagkakaroon ng bisyo ng paghithit ng opyo—nalulong na sila. Kaya't nagiging talagang droga ang mga anticristong nagtataas at nagpapatotoo tungkol sa kanilang sarili para sa mga taong nasa kadiliman na may mababang katayuan na hindi matarok kung ano ang nangyayari. Sa sandaling magkaroon ng suliranin ang mga taong ito, hinahanap nila ang anticristo. Kahit na matapos na talakayin ang suliranin kasama ang grupo at malinaw na maunawaan ang mga katotohanang prinsipyo, hindi sila mangangahas na ilarawan ang mga bagay kung ano talaga sila, ni hindi rin sila mangangahas na asikasuhin ito. Sa halip, hinihintay nila ang "master" na kanilang hinahangaan na magsalita, upang tukuyin ang suliranin, gumawa ng pagpapasya—at kapag walang sinabi ang kanilang "master," walang maglalakas loob na panghawakan ang pinag-uusapang pangyayari. Hindi ba't sila'y nalason? Gaano kalaking gawain—gaano karaming lason—ang kailangan para lasunin ng mga anticristo ang mga taong ito nang napakasama? Kung madalas nilang susuriin at kikilalanin ang kanilang mga sarili, kung madalas nilang ilalantad ang kanilang mga kahinaan, pagkakamali, at kasalanan sa lahat, igagalang ba sila nang gayon ng lahat? Siyempre hindi. Tila nagpapakapagod sila upang makamit ang "kahanga-hangang bagay" na ito, na siyang kahihinatnan na nais

nilang maganap. Hindi alam ng mga tao ang gagawin kapag malayo sila sa mga ito; kapag nagkakaroon sila ng suliranin, wala sila ni anumang prinsipyo at hindi alam kung ano ang gagawin. Malinaw na pinakain sila ng mga anticristo ng marami-raming lason habang kinukontrol sila. Talagang inimpluwensyahan sila! Kung ilang salita lamang ang kanilang sinabi, mahuhulog ba nang gayon ang mga taong ito sa ilalim ng kanilang kontrol? Siyempre hindi.

Hinango mula sa “Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (2)” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

May mga taong labis na mapagwalang-bahala sa kanilang pag-uugali pagdating sa gawain ng pagsasaayos mula sa Itaas. “Ang Itaas ang nagsasaayos ng mga gawain,” iniisip nila, “at tayong naririto sa ibaba ang gumaganap sa gawain. Maipatutupad nang may naaayong pag-angkop ang ilan sa mga nasabi at ilan sa mga gawain—maaari silang ibahin pagkababa sa atin. Nagsasalita lang naman ang Itaas, at tayo ang gumagawa ng praktikal na gawain. Nauunawaan natin ang kalagayan sa iglesia, hindi ng Itaas, kaya’t ang mga tao at ang gawain sa iglesia na ibinigay sa atin ay upang gawin batay sa ating kagustuhan. Makakaya nating gawin ang nais natin, at walang sinuman ang may karapatang manghimasok.” Sa gayong mga tao, ito ang prinsipyo ng paglilingkod sa Diyos: “Kung sa tingin ko ay tama ang isang bagay, tatandaan ko ito; kung sa tingin ko ay may bagay na hindi maaaring gawin, ipagwawalambahala ko ito. Makakaya kong tumutol sa iyo kung ibig ko, o lumaban sa iyo, at hindi ko kailangang ipatupad o gawin ang anumang ayaw ko. Kung may sinabi ka na sa palagay ko ay hindi angkop, iwawasto ko ito para sa iyo, at saka ko ipapasa sa iba pagkaraan ko itong salain. Walang malalathala na hindi ko sinang-ayunan.” Sa kung saan-saang dako, ipinalalaganap nila ang orihinal na anyo ng mga pagsasaayos galing sa Itaas, ngunit ipinadadala ng taong ito ang iwinasto nilang bersyon ng mga pagsasaayos ng gawain sa mga tao sa lugar na pinamumunuan nila. Laging ninanais ng gayong uri ng tao na isaisantabi ang Diyos, at lubhang ibig na sumunod at

maniwala sa kanila ang lahat. Sa tingin nila, hindi nila kapantay ang Diyos sa ilang larangan–Diyos din sila dapat, at dapat maniwala sa kanila ang lahat. Iyan ang kalikasan ng kanilang ginagawa. Kung nauunawaan ninyo ito, iiyak pa rin ba kayo kapag matanggal at mapalitan ang gayong tao? Makararamdam pa rin ba kayo ng simpatya sa kanila? Iisipin ninyo pa rin bang "Hindi nararapat at hindi makatarungan ang ginagawa ng Itaas–paano maaatim ng Itaas na alisin ang isang taong labis na naghirap?" Para sa kaninong kapakanan kaya sila naghirap? Naghirap sila alang-alang sa kanilang sariling kalagayan. Naglilingkod ba sila sa Diyos? Ginagampanan ba nila ang kanilang tungkulin? Tapat at nagpapasakop ba sila sa Diyos? Sila ay walang iba kundi mga kampon ni Satanas, at napasasailalim sa kapamahalaan ng demonyo ang kanilang gawain; sinisira nito ang plano ng pamamahala ng Diyos at ginagambala ang Kanyang gawain. Anong klaseng pananampalataya iyan? Sila ay walang iba kundi isang demonyo, isang anticristo!

Hinango mula sa "Paano Masasaktan ang Diyos?" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sa panahong hindi pa nagkatawang-tao ang Diyos, ang sukatan kung sumalungat ang tao sa Diyos ay batay sa kung ang tao ay sumamba at tumingala sa di-nakikitang Diyos na nasa langit. Ang paraan ng pagtukoy sa pagsalungat sa Diyos sa panahong iyon ay tunay ngang hindi praktikal, dahil hindi kayang makita ng tao ang Diyos, at hindi niya alam kung ano ang imahe ng Diyos, o kung paano Siya gumawa at nagsalita. Walang mga kuro-kuro ang tao sa Diyos, at ang paniniwala niya sa Diyos ay hindi malinaw, dahil hindi pa nagpakita ang Diyos sa tao. Samakatuwid, paano man naniwala sa Diyos ang tao sa kanyang imahinasyon, hindi hinatulan ng Diyos ang tao o kaya ay gumawa ng maraming kahilingan mula sa kanya, sapagkat hindi talaga kayang makita ng tao ang Diyos noon. Nang nagkatawang-tao ang Diyos at pumarito upang gumawa kasama ng mga tao, ang lahat ay napagmasdan Siya at napakinggan ang Kanyang mga salita, at nakita ng lahat ang mga gawa na ginagawa ng Diyos mula sa Kanyang katawang-tao. Sa sandaling iyon, ang lahat ng kuro-kuro ng tao

ay naging mga bula. At para sa mga nakakita na sa pagkakatawang-tao ng Diyos, hindi sila hahatulan kung kusang-loob silang tatalima sa Kanya, samantalang ang mga sadyang naninindigan laban sa Kanya ay ituturing na kalaban ng Diyos. Ang mga taong ito ay mga anticristo, mga kaaway na sadyang naninindigan laban sa Diyos.

Hinango mula sa "Lahat ng Taong Hindi Nakakakilala sa Diyos ay mga Taong Sumasalungat sa Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang sinumang hindi nakauunawa sa layunin ng gawain ng Diyos ay sumasalungat sa Kanya, at ang nakauunawa sa layunin ng gawain ng Diyos ngunit hindi pa rin naghahangad na mabigyang-kasiyahan ang Diyos ay lalo pang higit na ituturing na kalaban ng Diyos. Mayroong mga nagbabasa ng Biblia sa mga malalaking iglesya at nagsasalaysay nito nang buong araw, ngunit wala ni isa sa kanila ang nakauunawa sa layunin ng gawain ng Diyos. Wala ni isa sa kanila ang nakakilala sa Diyos, lalong wala ni isa sa kanila ang nakaayon sa kalooban ng Diyos. Lahat sila ay walang halaga, masasamang tao, bawat isa ay nagpapakataas upang pangaralan ang Diyos. Sadya nilang sinasalungat ang Diyos kahit na dala-dala nila ang Kanyang bandila. Sinasabi nilang sila ay nananampalataya sa Diyos, subalit kumakain pa rin sila ng laman at umiinom ng dugo ng tao. Ang lahat ng ganitong tao ay mga diyablong lumalamon sa kaluluwa ng tao, mga pinunong demonyo na sadyang humahadlang sa mga sumusubok na tumapak sa tamang landas, at mga balakid na nakasasagabal sa mga naghahanap sa Diyos. Sila ay tila may "mahuhusay na konstitusyon," ngunit paano malalaman ng kanilang mga tagasunod na sila ay walang iba kundi mga anticristo na umaakay sa mga tao na manindigan laban sa Diyos? Paano malalaman ng kanilang mga tagasunod na sila ay mga nabubuhay na diyablo na nakatuon sa paglamon ng mga kaluluwa ng tao?

Hinango mula sa "Lahat ng Taong Hindi Nakakakilala sa Diyos ay mga Taong Sumasalungat sa Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Masdan mo lang ang mga pinuno ng bawat denominasyon—lahat sila'y mapagmataas at mapagmalinis, at binibigyang-kahulugan nila ang

Biblia nang wala sa konteksto at ayon sa kanilang sariling imahinasyon. Lahat sila'y umaasa sa mga kaloob at pag-aaral sa paggawa ng kanilang gawain. Kung sila'y walang kakayahang mangaral ng anuman, susunod ba sa kanila ang mga taong iyon? Sila, kung sa bagay, ay nagtataglay ng kaunting kaalaman, at makakapangaral ng ilang doktrina, o alam kung paano makaakit ng iba at paano gumamit ng ilang pagkukunwari. Ginagamit nila ang mga ito para dalhin ang mga tao sa harapan nila at linlangin sila. Sa pangalan, ang mga taong iyon ay naniniwala sa Diyos, nguni't sa realidad sinusunod nila ang kanilang mga pinuno. Kung nakakatagpo sila ng sinumang nangangaral ng tunay na daan, ang ilan sa kanila'y nagsasabing, "Kailangang konsultahin namin ang aming pinuno tungkol sa aming pananampalataya." Ang kanilang pananampalataya ay dapat dumaan sa isang tao; hindi ba problema iyan? Nagiging ano na kung gayon ang mga pinunong iyan? Hindi ba sila nagiging mga Fariseo, huwad na mga pastol, mga anticristo, at mga katitisuran sa pagtanggap ng mga tao sa tunay na daan? Ang mga ganyang tao ay kaparehong uri ni Pablo.

Hinango mula sa "Tanging ang Paghahabol sa Katotohanan ang Tunay na Paniniwala sa Diyos" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Anong uri ng tao ang nagtatayo ng sarili niyang kaharian? (Isang anticristo.) At bakit tinatawag na "anticristo" ang ganitong tao? Una sa lahat, nangangahulugan ang "anti" ng pagiging palaban at salungat, at sangkot dito ang pagiging palaban at salungat kay Cristo, sa Diyos, at sa katotohanan. Ano ang ibig sabihin ng pagiging "palaban at salungat?" (Ang tumayo sa kalagayang direktang kasalungat.) (Ang magkaroon ng galit.) Maaari bang tumanggap sa katotohanan ang mga taong namumuhi sa Diyos at direktang kasalungat Niya? Maaari ba nilang mahalin ang katotohanan? Tiyak na hindi. Ang pinakaunang paraan na kanilang ipinapahayag ang kanilang sarili ay ang hindi mahalin ang katotohanan. Kapag mayroong nagsasalita ng katotohanan, wala silang sinasabi sa harap ng taong iyon, ngunit sa kanilang puso hindi nila tinatanggap ang katotohanan, at sa kaibuturan ay nilalabanan nila ito. Habang lumalaban sa

lahat ng bagay na positibo—ang lahat ng mga katotohanang ito gaya ng pagpapasakop sa Diyos, matapat na pagganap sa kanilang mga tungkulin, pagiging matapat na mga tao, paghahangad sa katotohanan sa lahat ng mga bagay, at patuloy pa—mayroon ba silang maski kaunting personal na pagnanasa o pag-ibig? Wala, maski kaunti. Kung sa gayon, dahil sa kalikasang diwa na ito na kanilang taglay, sila'y tumatayo na direktang nakasalungat sa Diyos at sa katotohanan. Kaya't, walang salang ang mga gayong tao ay hindi, sa kanilang kalooban, nagmamahal sa katotohanan o sa anumang positibong bagay. Halimbawa, ang mga tao na nasa posisyon ng pamumuno ay kailangang may kakayanang tanggapin ang iba't ibang opinyon ng kanilang mga kapatid, dapat ay kaya nilang buksan ang kanilang sarili sa kanilang mga kapatid at tanggapin ang pagsasaway ng mga kapatid, at hindi sila dapat na kukuha ng katayuan. Ano ang iisipin ng isang anticristo tungkol sa lahat ng mga tamang paraan ng pagganap na ito? Marahil ay sasabihin niya, "Kung pinakikinggan ko ang mga opinyon ng mga kapatid, magiging pinuno pa rin ba ako? Magtataglay pa ba ako ng katayuan at karangalan? Magagawa ko pa rin bang matakot ang mga tao sa akin? Kung hindi ko magawang matakot sa akin ang mga tao, at kung wala akong karangalan, anong gawain ang magagampanan ko?" Ito mismo ang disposisyong taglay ng isang anticristo; hindi niya tinatanggap ang katotohanan maski sa pinakamaliit na paraan, at habang mas maayos ang pamamaraan ng paggawa, lalo pa niya itong nilalabanan. Hindi niya inaamin na ang mga tamang pamamaraan ng pagganap na ito'y siyang mga daan ng pagganap sa katotohanan. Ano ang katotohanan, sang-ayon sa paniniwala niya? Ito'y ang pangangailangang palaging gumamit ng kamay na bakal, masasamang gawa, malulupit na paraan, at madidilim na mga panlinlang kapag nakikitungo sa kaninuman; dapat ay hindi kailanman gumamit ng katotohanan, pag-ibig, at mga salita ng Diyos. Ang kanyang paraan ay masamang paraan. Ito ang kalikasang diwa nila na katulad ng anticristo, at ito rin ang paraan na ginagawa nila ang mga bagay-bagay at pampalakas sa likod ng kanilang mga pagkilos, ang pinagmumulan ng kanilang mga kilos. Ito ang anyo ng kanilang motibasyon at mga layunin.

Ang diwa ng kanilang motibasyon at mga layunin, na madalas nilang inilalahad, ay siya mismong diwa ng anticristo—pagtanggi at pagkamuhi sa katotohanan. Ito ang kanilang diwa. Ano, kung gayon, ang pakahulugan ng manindigan nang kasalungat sa katotohanan at sa Diyos? Ito'y nangangahulugan ng pagkamuhi sa katotohanan at sa mga bagay na positibo. Halimbawa, bilang isang nilalang, kailangang tuparin ang tungkulin ng isang nilalang; anuman ang sabihin ng Diyos, dapat na magpasakop ang mga tao, sapagkat ang mga tao ay mga nilalang. Ngunit paano ba mag-isip ang isang anticristo? "Hindi mali na ako'y isang nilalang, ngunit pagdating sa pagpapasakop, depende iyon sa sitwasyon. Una sa lahat, dapat ay mayroong pakinabang para sa akin; hindi ako dapat malugi, at kailangang unahin ko ang aking sariling mga interes. Kung mayroong mga gantimpala at mga dakilang biyayang maaaring makamtan at nais Mong magpasakop ako, mabuti kung gayon, ngunit kung walang mga gantimpala at walang patutunguhan, kung gayon ay hindi ako maaaring magpasakop." Iyon ang paraan ng isang anticristo. Bilang isa pang halimbawa, nais ng Diyos na maging tapat ang mga tao, ngunit ano ba ang iniisip ng anticristo tungkol dito? "Tanging mga mangmang lamang ang tapat; hindi tapat ang matatalino." Ang mga opinyon bang ito ang kumakatawan sa saloobin na hindi tumatanggap sa katotohanan? Ano ang diwa ng ganitong uri ng saloobin? Ang diwa nito ay pagkamuhi sa katotohanan. Ito mismo ang diwa ng mga ganitong anticristo, at ang kanilang diwa ang tumutukoy sa landas na kanilang nilalakaran at ang landas na kanilang nilalakaran ang tumutukoy sa mga bagay na kanilang gagawin habang ginagampanan ang ganitong uri ng tungkulin.

Hinango mula sa "Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (1)" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

May mga pagpapakita ng isang anticristo ang ilang tao at pagbubuhos ng mga disposisyon ng isang anticristo, ngunit tinatanggap din at kinikilala ang katotohanan, at minamahal ang katotohanan. Sila'y maaaring makatanggap ng kaligtasan. May mga taong, anuman ang kanilang hitsura,

ay lumalaban at kinasusuklaman ang katotohanan sa pamamagitan ng kanilang diwang kalikasan. Sa sandaling nagsalita ka tungkol sa katotohanan o mangaral sa kanila, naiinis sila at nagiging palaban: Nagsisimula silang maidlip, nakakatulog sila, walang gana, at hindi interesado kahit na nakakaunawa sila; o tila masikap sila sa panlabas, ngunit sinusukat ang katotohanan sa pamamagitan ng ibang saloobin, o sa pamamagitan ng isang balangkas ng kaalaman at teorya. Kung ganito ang kalagayan, gaano man karami ang mga salita ng Diyos na kanilang mabasa o ilang sermon man ang kanilang mapakinggan, hindi pa rin magkakaroon ng pinakamaliit na pagbabago sa kanilang saloobin sa huli, na paghahangad para sa katayuan at makamundong bagay, pagkamuhi sa Diyos, at paglaban sa katotohanan. Pangkaraniwan ito sa mga anticristo. Kaya't kapag sinasabi mo na ang kanilang mga pagkilos ay naglalayong papanigin sa kanila ang mga tao, at itinataas at nagpapatotoo sila tungkol sa kanilang sarili upang makipagtunggali sa Diyos para sa katayuan, upang linlangin ang mga tao, at ang kanilang mga pagkilos ay kay Satanas at mga anticristo, tinatanggap ba nila ang gayong paghatol? Hindi nila ito tinatanggap. Iniisip nila: "Tama lang at maayos para sa akin na kumilos sa ganitong paraan. Ganito ko ginagawa ang mga bagay-bagay. Maaari mo akong ikondena at punahin hanggang gusto mo—hindi ko isusuko ang paghahangad na ito, ang pagnanasang ito, o ang paraan ng paggawa sa mga bagay-bagay." Tiyak na: Sila'y mga anticristo. Wala kang masasabi na makapagpapabago sa kanilang pananaw, ni hindi nito mababago ang kanilang mga motibasyon at layunin, maging ang kanilang mga hangarin at pagnanasa. Ganito ang diwang kalikasan ng isang pangkaraniwang anticristo. Gaano man magbago ang kanilang kalagayan, o gaano magbago ang mga tao, usapin, at mga bagay sa kanilang paligid, o gaano magbago ang mga kapanahunan, at anuman ang mga tanda at himala na isinasagawa ng Diyos, at kung gaanong biyaya ang ibinibigay ng Diyos sa kanila—kahit pa pinaparusahan sila ng Diyos—hindi magbabago ang kanilang mga balak. Ang kanilang paraan ng pagiging tao at paraan ng pagganap sa mga bagay-bagay ay hindi mababago, maging ang kanilang

saloobin ng paglaban sa katotohanan. Kapag itinuturo ng iba na ang kanilang ginagawa ay pagmamataas at pagpapatotoo tungkol sa kanilang sarili at pagsisikap na linlangin ang mga tao, binabago nila ang paraan ng kanilang pagsasalita patungo sa paraang hindi masisisi ng iba at hindi makikilala ninuman. Gumagamit sila ng mga higit na tusong pamamaraan upang ipagpatuloy ang kanilang pamamahala at makamit ang lihim nilang mga layunin. Ito ang ipinapakita sa isang anticristo, at ito'y inuudyukan ng diwa ng isang anticristo. Kahit na sinabi ng Diyos sa kanila na sila'y paparusahan, na dumating na ang kanilang wakas, na sila'y isinumpa at patungo sa kapahamakan, mababago ba nito ang kanilang diwa? Mababago ba nito ang kanilang saloobin sa katotohanan? Mababago ba nito ang pagmamahal nila sa katayuan, kayamanan, at kasikatan? Hindi. Ang pagbabago sa mga tao na ginawang tiwali ni Satanas patungo sa mga taong may normal na pagkatao na sumasamba sa Diyos ay siyang gawain ng Diyos; maaari itong makamit. Ngunit maaari bang gawing normal na mga tao ang mga demonyo, mga taong nakadamit sa balat ng tao ngunit ang kanilang diwa'y mala-satanas, na sumasamba kay Satanas sa kampo ni Satanas at lumalaban sa Diyos? Imposible iyon. Hindi isinasagawa ng Diyos ang ganitong uri ng gawain; hindi kasama ang ganitong uri ng mga tao sa mga inililigtas ng Diyos. Paano, kung gayon, tinutukoy ng Diyos ang mga ganitong tao? Sila'y na kay Satanas. Hindi sila tampulan ng pagpili o pagliligtas ng Diyos; hindi nais ng Diyos ang mga ganitong uri ng tao. Gaano man katagal silang nasa tahanan ng Diyos, gaano man sila nagdusa o kung ano ang nakamit nila, hindi nagbabago ang kanilang mga layunin. Hindi nila isasantabi ang kanilang mga mithiin o pagnanasa, lalo nang hindi nila bibitiwan ang kanilang motibasyon at pagnanasa na makipagtunggali sa Diyos para sa katayuan at mga tao. Mga nabubuhay na anticristo ang mga ganitong tao.

Hinango mula sa "Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (2)" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Lahat ng anticristo ay mas gugustuhin na mamatay kaysa magsisi.

Sumusumpa silang di-papasakop sa Diyos hanggang sa kamatayan, at lalaban hanggang sa wakas. Kahit na sa kaibuturan nila kinikilala nila na may isang Diyos, na Siya ang lumikha sa tao, at Siya ang makapagliligtas sa sangkatauhan, subali't dahil sa kanilang likas hindi nila kayang baguhin ang landas na kanilang pinili, at hindi kayang baguhin ang katunayan ng kanilang poot sa Diyos. Kung gayon, ang diwa ng pag-uugali ng mga anticristo ay ang patuloy na gumamit ng iba't ibang mga pamamaraan upang makamit ang kanilang layunin na magkaroon ng katayuan, mang-akit ng mga tao at pasunurin ang mga ito at ipagpitagan sila. Posibleng sa kaibuturan ng kanilang mga puso ay hindi nila sinasadyang makipag-agawan sa Diyos para sa sangkatauhan, ngunit isang bagay ang tiyak: Kahit na hindi sila nakikipag-agawan sa Diyos para sa mga tao, nais pa rin nilang magkaroon ng katayuan at kapangyarihan sa gitna nila. Kahit na dumating ang araw na mapagtanto nila na nakikipagkumpitensya sila sa Diyos para sa katayuan, at magpigil man sila ng kanilang sarili, gumagamit pa rin sila ng iba pang mga pamamaraan upang makakuha ng katayuan sa mga tao at mapatunayan nila ang kanilang sarili. Sa madaling sabi, kahit na ang lahat ng ginagawa ng mga anticristo ay lilitaw na binubuo ng isang tapat na pagganap ng kanilang mga tungkulin, at tila mga totoong tagasunod sila ng Diyos, ang kanilang ambisyon na kontrolin ang mga tao—at makakuha ng katayuan at kapangyarihan sa gitna nila—ay hindi kailanman magbabago. Kahit ano pa ang sabihin o gawin ng Diyos, at kahit anong hinihingi Niya sa mga tao, hindi nila ginagawa ang dapat nilang gawin o ginagampanan ang kanilang mga tungkulin sa paraang angkop sa Kanyang mga salita at iniaatas, ni hindi rin nila isinusuko ang kanilang paghahangad ng kapangyarihan at katayuan bilang resulta ng pagkaunawa sa Kanyang mga sinalita at ng katotohanan; sa buong panahon, nilalamon sila ng kanilang ambisyon, kinokontrol at pinangungunahan nito ang kanilang pag-uugali at kaisipan, at siyang nagdidikta ng landas na kanilang tinatahak. Ito ang halimbawa ng isang anticristo. Ano ang binibigyang-diin dito? Ang ilang mga tao ay nagtatanong, "Hindi ba't ang mga anticristo ang mga nakikipag-agawan sa Diyos upang makaakit ng mga tao, at hindi

kumikilala sa Kanya?” Maaaring kinikilala nila ang Diyos, maaaring totohanan silang kumikilala at sumasampalataya sa Kanyang pag-iral, at maaaring handa silang sundin Siya at hanapin ang katotohanan, ngunit isang bagay ang hindi kailanman magbabago: Hindi nila kailanman bibitawan ang kanilang ambisyon para sa kapangyarihan at katayuan, ni isusuko nila ang kanilang paghahangad ng mga bagay na iyon dahil sa kanilang mga kapaligiran o sa pagtingin ng Diyos sa kanila. Ito ang mga katangian ng mga anticristo. Gaano man nagdusa ang isang tao, gaano man karami ang katotohanang naunawaan nila, gaano man karaming katotohanang realidad ang napasok nila, at gaano man karaming kaalaman tungkol sa Diyos ang taglay nila, lampas sa mga panlabas na kaganapan at kahayagang ito, hindi sila kailanman magpipigil o bibitaw sa kanilang ambisyon para sa, at paghahangad ng, katayuan at kapangyarihan, at ito mismo ang nagtatakda sa kanilang diwang kalikasan. Walang kahit na kaunting pagkakamali na tukuyin ng Diyos ang gayong mga tao bilang mga anticristo; natukoy na ito ng kanilang pinakadiwang kalikasan. Ang ilang mga tao, marahil, ay naniniwala dati na ang isang anticristo ay sinumang nagtangkang makipag-agawan sa Diyos para sa sangkatauhan. Gayunpaman, kung minsan hindi kinakailangang makipag-agawan ang mga anticristo sa Kanya; kailangan lamang nilang maging mga taong ang kaalaman, pagkaunawa, at pangangailangan para sa katayuan at kapangyarihan ay hindi katulad ng mga normal na tao. Ang mga normal na tao ay maaaring maging mapaghangad ng sariling kapurihan; maaari nilang subukang makuha ang papuri ng iba at gumawa ng magandang impresyon sa kanila, at maaari nilang subukang makipagkumpitensya para sa isang magandang katayuan. Ito ang ambisyon ng mga normal na tao. Kapag napalitan sila bilang mga pinuno, at nawala ang kanilang posisyon, nalalampasan nila ito; sa pamamagitan ng pagbabago sa kanilang kapaligiran, ilang pagtaas sa kanilang tayog, ilang nakamit na pagpasok sa katotohanan, o pagkakaroon ng mas malalim na pag-unawa sa katotohanan, unti-unting lumalamig ang kanilang ambisyon. Nagkakaroon ng pagbabago sa landas na kanilang tinatahak at sa direksyon na kanilang

nilalakbay, at ang kanilang paghahangad ng katayuan at kapangyarihan ay nawawala. Nababawasan din unti-unti ang kanilang mga hangarin. Gayunman, iba ang mga anticristo: Hindi nila magagawang isuko ang kanilang paghahangad ng katayuan at kapangyarihan. Sa anumang panahon, sa anumang kapaligiran, at kahit sino pang mga tao ang nasa kanilang paligid at gaano man sila katanda, hindi kailanman magbabago ang kanilang ambisyon. Ano ang nagpapahiwatig na ang kanilang ambisyon ay hindi kailanman magbabago? Ipagpalagay na sila ay mga pinuno ng iglesia: Nais nilang kontrolin ang lahat ng tao sa iglesia. Maaari silang pumunta sa ibang iglesia, kung saan hindi sila ang mga pinuno, gayon pa man, hinahangad pa rin nila ang katayuang iyon. Saan man magpunta ang gayong mga tao, nais nilang magtaglay ng kapangyarihan. Hindi ba puno ng ambisyon ang kanilang mga puso? Ang ipinapamalas nila ay lampas sa larangan ng normal na pagkatao. Wala bang bagay na abnormal tungkol dito? Ano ang abnormal dito? Ang ipinapakita nila ay hindi kung ano ang dapat na maipakita ng normal na pagkatao. Ano ang ipinapakita nila? Ano ang nagiging sanhi para ipakita ito? Ang likas nila ang nagiging sanhi nito. Mga masasamang espiritu sila. Hindi ito pareho sa ordinaryong katiwalian; may pinagkaiba. Hinding-hindi titigil ang mga anticristo sa kanilang paghahangad ng katayuan at kapangyarihan; wiling-wili sila dito. Ito ang kanilang diwang kalikasan; ito ang kanilang orihinal na anyo, at ang kanilang totoong mukha. Hindi lamang sila nakikipagkumpitensya sa Diyos para sa katayuan, nakikipagkumpitensya din sila sa mga tao para sa katayuan. Payag man, o kasundo man o hindi ang iba, aktibong sinusubukan ng mga anticristo na kontrolin sila at maging kanilang mga pinuno, nang walang pagsaalang-alang sa kanilang mga kagustuhan. Saan man sila magpunta, nais ng mga anticristo na sila ang namumuno at may huling salita. Ito ba ang kanilang likas? Nais bang makinig ng mga tao sa iyo? Pinili ka ba nila? Inihalal ka ba nila? Sang-ayon ba sila na ikaw ang may huling salita? Walang sinuman ang may nais na magkaroon ng huling salita ang mga taong ito, at walang nakikinig sa kanila, ngunit sinusubukan pa rin nila itong makuha. Problema ba ito?

Labis ang kawalang-kahihiyan nila at kawalan ng pagsisisi. Kapag ang mga gayong tao ay mga pinuno, sila ay mga anticristo; kapag hindi sila mga pinuno, mga anticristo din sila.

Hinango mula sa “Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (3)” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Paano dapat tratuhin ng mga pinili ng Diyos ang mga anticristo? Kailangan nilang kilalanin ang mga ito, ilantad sila, iulat sila, at ipatapon palabas. Sa paano mang paraan nakamit ng isang anticristo ang posisyon ng pamumuno, walang dudang isa siyang lumalaban sa Diyos. Hindi mo dapat tanggapin ang pamumuno ng isang anticristo, at hindi mo rin dapat na tanggapin siya bilang iyong pinuno, dahil ang ginagawa niya ay hindi ang pangunahan ka patungo sa mga salita ng Diyos; nais niyang hilahin ka pababa sa impiyerno at dalhin ka sa katulad na landas ng mga anticristo na kanyang nilalakaran. Pinapasanib ka niya sa kanyang paglaban sa Diyos at sa paggambala at pagsira sa gawain ng Diyos. Hinihila ka niya at itinutulak upang malugmok kang kasama niya sa putik. Papayagan mo ba ito? Kung papayag ka, at kung makikipagkompromiso ka sa kanya, hihingi ng awa sa kanya, o magpapagapi sa kanya, kung gayon hindi ka nagpatotoo, at ikaw’y isang taong pinagtataksilan kapwa ang katotohanan at ang Diyos—at hindi maliligtas ang mga gayong tao. Ano ang mga kondisyong kailangang maabot ng isang tao upang makatanggap ng kaligtasan? Una sa lahat, kailangang taglay nila ang kakayahang kilalanin ang mga mala-satanas na mga anticristo; kailangang taglayin nila ang aspetong ito ng katotohanan. Sa pamamagitan lamang ng pagkakaroon ng aspetong ito ng katotohanan sila tunay na makakasampalataya sa Diyos at makakaiwas sa pagsamba o pagsunod sa tao; tanging mga tao na makakakilala sa mga anticristo ang may kakayanang manampalataya nang totoo sa Diyos at sumunod at magpatotoo sa Kanya. Upang makilala ang mga anticristo, kailangang matuto muna ang mga tao na makita ang mga tao at mga bagay nang may ganap na kalinawan at pag-unawa; kailangan nilang makita ang diwa ng mga anticristo, at kailangan nilang matarok ang lahat

ng kanilang mga sabwatan, panlilinlang, panloob na motibasyon, at mga layunin. Kung magagawa mo ito, makapaninindigan ka nang matibay. Kung nais mong makamit ang kaligtasan, ang unang pagsubok na kailangan mong malagpasan ay ang matutunan kung paano gapiin si Satanas at kung paano managumpay at magwagi sa mga masasamang kapangyarihan at paggambala mula sa sanlibutan. Kapag taglay mo na ang katayuan at sapat na katotohanan upang manatili hanggang sa wakas sa pakikipaglaban sa mga pwersa ni Satanas, at nagapi sila, sa pagkakataong iyon—at doon lamang—matibay na mapagsisikapan mong maatim ang katotohanan, at doon lamang maaari kang humakbang nang matatag at walang sakuna sa landas ng pagsusumikap para sa katotohanan at pagtamo ng kaligtasan. Kung hindi mo malalagpasan ang pagsubok na ito, kung gayon maaaring masabing nasa malaking panganib ka, at maaari kang mahuli ng isang anticristo at madala upang mamuhay sa ilalim ng impluwensya ni Satanas.

Hinango mula sa “Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (1)” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Yamang naniniwala ka sa Diyos, dapat kang manampalataya sa lahat ng mga salita ng Diyos at sa lahat ng gawain Niya. Na ibig sabihin, yamang naniniwala ka sa Diyos, dapat kang sumunod sa Kanya. Kung hindi mo kayang gawin ito, hindi mahalaga kung naniniwala ka o hindi sa Diyos. Kung naniniwala ka sa Diyos sa loob ng maraming taon, subalit hindi Siya kailanman sinunod, at hindi tinatanggap ang kabuuan ng mga salita Niya, at sa halip hinihingi sa Diyos na magpasakop Siya sa iyo at kumilos ayon sa mga kuro-kuro mo, ikaw ang pinakamapanghimagsik sa lahat, isa kang hindi mananampalataya. Paanong makasusunod ang ganitong mga tao sa gawain at mga salita ng Diyos na hindi umaayon sa mga kuro-kuro ng tao? Ang pinakamapanghimagsik sa lahat ay yaong mga sinasadyang lumabag at lumaban sa Diyos. Sila ang mga kaaway ng Diyos, ang mga anticristo. Ang sa kanila ay palaging pag-uugali ng poot sa bagong gawain ng Diyos; hindi sila kailanman nagkaroon ng ni katiting na kagustuhang magpasakop,

ni hindi sila kailanman nagalak na magpasakop o magpakumbaba ng sarili nila. Dinadakila nila ang mga sarili nila bago ang iba at hindi kailanman nagpapasakop sa sinuman. Sa harap ng Diyos, itinuturing nila ang mga sarili nilang pinakamahusay sa pangangaral ng salita, at ang pinakabihasa sa paggawa sa iba. Hindi nila kailanman itinatapon ang mga "kayamanang" nasa pag-aari nila, kundi itinuturing sila bilang mga pamana ng pamilya para sambahin, para ipangaral sa iba ang tungkol dito, at ginagamit nila ang mga ito para magsermon sa yaong mga hangal na iniidolo sila. Tunay ngang may ilang taong tulad nito sa loob ng iglesia. Masasabing sila ay mga "hindi palulupig na mga bayani," na bawat salinlahi ay pansamantalang nananahan sa tahanan ng Diyos. Ipinapalagay nila ang pangangaral ng salita (doktrina) bilang pinakamataas nilang tungkulin. Bawat taon, bawat salinlahi, masigasig nilang ipinatutupad ang "sagrado at hindi malalabag" na tungkulin nila. Walang nangangahas na salingin sila; wala kahit isang tao ang nangangahas na lantarang sawayin sila. Nagiging "mga hari" sila sa tahanan ng Diyos, nagwawala habang sinisiil nila ang iba sa bawat kapanahunan. Naghahangad ang pangkat ng mga demonyong ito na makipagsanib at gibain ang gawain Ko; paano Ko mapahihintulutang umiral ang mga buhay na diyablong ito sa harap ng mga mata Ko? Kahit yaong mga kalahating masunurin lamang ay hindi makapagpapatuloy hanggang sa katapusan, lalong hindi itong mga maniniil na wala ni katiting na pagsunod sa mga puso nila! Hindi madaling makakamit ng tao ang gawain ng Diyos. Kahit na ginagamit ang lahat ng lakas na mayroon sila, kaunting bahagi lamang nito ang makakamit ng mga tao, na sa huli mapahihintulutan silang magawang perpekto. Ano, kung gayon, ang para sa mga anak ng arkanghel, na naghahangad na wasakin ang gawain ng Diyos? Wala ba silang mas maliit na pag-asang makamit ng Diyos?

Hinango mula sa "Yaong mga Sumusunod sa Diyos Nang may Tunay na Puso ay Tiyak na Makakamit ng Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

119. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa mga Pariseo

(1) Tunay na mga mapagpaimbabaw ang mga pariseo,

mapagpakumbaba at matiyaga sa panlabas, ngunit likas na mapanira at malisyoso. Kinamumuhian nila ang katotohanan at tinututulan ang Diyos;

(2) Sadyang mapagmataas at mapagmagaling ang mga pariseo. Madalas silang nangangaral ng mga kasulatan at mga doktrina upang linlangin ang iba at mapasamba at mapasunod sa kanila ang iba, subalit ni hindi man lang nila tinatanggap ang katotohanan;

(3) Nagtitiis at nagbabayad lamang ng halaga ang mga pariseo upang makapagkamit ng mga biyaya at makoronahan. Nakatutok sila sa pagsunod sa mga patakaran at panrelihiyong ritwal, nang hindi nagsasagawa ng katotohanan;

(4) Nagtataguyod lamang ng huwad na espirituwalidad ang mga pariseo. Nagsasalita sila ng mga walang saysay na mga salita ng kaalaman sa sarili, at hindi kailanman tunay na nagsisi o nagbago.

Mga Talata ng Biblia para Sanggunian:

“At pagka kayo ay nagsisidalangin, ay huwag kayong gaya ng mga mapagpaimbabaw: sapagka’t iniibig nila ang magsidalangin ng patayo sa mga sinagoga at sa mga likuang daan, upang sila’y mangakita ng mga tao” (Mateo 6:5).

“Na nagsasabi, Nagsisiupo ang mga eskriba at mga Fariseo sa luklukan ni Moises. Lahat nga ng mga bagay na sa inyo’y kanilang ipagutos, ay gawin ninyo at ganapin: datapuwa’t huwag kayong magsigawa ng alinsunod sa kanilang mga gawa; sapagka’t kanilang sinasabi, at hindi ginagawa. Oo, sila’y nangagbibigkis ng mabibigat na pasan at mahihirap na dalhin, at ipinapasan nila sa mga balikat ng mga tao; datapuwa’t ayaw man lamang nilang kilusin ng kanilang daliri. Datapuwa’t ginagawa nila ang lahat ng kanilang mga gawa upang mangakita ng mga tao: sapagka’t nangagpapalapad sila ng kanilang mga pilakteria, at nangagpapalapad ng mga laylayan ng kanilang mga damit, At iniibig ang mga pangulong dako sa mga pigingan, at ang mga pangulong luklukan sa mga sinagoga, At pagpugayan sa mga pamilihan, at ang sila’y tawagin ng mga tao, Rabi” (Mateo 23:2–7).

“Datapuwa’t sa aba ninyo, mga eskriba at mga Fariseo, mga

mapagpaimbabaw! Sapagka't sinasarhan ninyo ang kaharian ng langit laban sa mga tao: sapagka't kayo'y hindi na nagsisipasok, at ang nagsisipasok man ay ayaw ninyong bayaang mangakapasok. Sa aba ninyo, mga eskriba't mga Fariseo, mga mapagpaimbabaw! Sapagka't sinasakmal ninyo ang mga bahay ng mga babaing bao, at inyong dinadahilan ang mahahabang panalangin: kaya't magsisitanggap kayo ng lalong mabigat na parusa.

"Sa aba ninyo, mga eskriba at mga Fariseo, mga mapagpaimbabaw! Sapagka't inyong nililibot ang dagat at ang lupa sa paghanap ng isa ninyong makakampi; at kung siya'y magkagayon na, ay inyong ginagawa siyang makaibayo pang anak ng impierno kay sa inyong sarili.

"Sa aba ninyo, kayong mga tagaakay na bulag, na inyong sinasabi, Kung ipanumpa ninoman ang templo, ay walang anoman; datapuwa't kung ipanumpa ninoman ang ginto ng templo, ay nagkakautang nga siya. Kayong mga mangmang at mga bulag: sapagka't alin baga ang lalong dakila, ang ginto, o ang templong bumabanal sa ginto? At, kung ipanumpa ninoman ang dambana, ay walang anoman; datapuwa't kung ipanumpa ninoman ang handog na nasa ibabaw nito, ay nagkakautang nga siya. Kayong mga bulag: sapagka't alin baga ang lalong dakila, ang handog, o ang dambana na bumabanal sa handog? Kaya't ang nanunumpa sa pamamagitan ng dambana, ay ipinanunumpa ito, at ang lahat ng mga bagay na nangasa ibabaw nito. At ang nanunumpa sa pamamagitan ng templo, ay ipinanumpa ito, at yaong tumatahan sa loob nito. Ang nanunumpa sa pamamagitan ng langit, ay ipinanumpa ang luklukan ng Dios, at yaong nakaluklok doon.

"Sa aba ninyo, mga eskriba at mga Fariseo, mga mapagpaimbabaw! Sapagka't nangagbibigay kayo ng sa ikapu ng yerbabuena, at ng anis at ng komino, at inyong pinababayaang di ginagawa ang lalong mahahalagang bagay ng kautusan, na dili iba't ang katarungan, at ang pagkahabag, at ang pananampalataya: datapuwa't dapat sana ninyong gawin ang mga ito, at huwag pabayaang di gawin yaong iba. Kayong mga tagaakay na bulag na inyong sinasala ang lamok, at nilulunok ninyo ang kamelyo!

“Sa aba ninyo, mga eskriba at mga Fariseo, mga mapagpapaimbabaw! Sapagka’t inyong nililinis ang labas ng saro at ng pinggan, datapuwa’t sa loob ay puno sila ng panglulupig at katakawan. Ikaw bulag na Fariseo, linisin mo muna ang loob ng saro at ng pinggan, upang luminis naman ang kaniyang labas.

“Sa aba ninyo, mga eskriba at mga Fariseo, mga mapagpaimbabaw! Sapagka’t tulad kayo sa mga libingang pinaputi, na may anyong maganda sa labas, datapuwa’t sa loob ay puno ng mga buto ng mga patay na tao, at ng lahat na karumaldumal. Gayon din naman kayo, sa labas ay nangagaanyong matuwid sa mga tao, datapuwa’t sa loob ay puno kayo ng pagpapaimbabaw at ng katampalasanan.

“Sa aba ninyo, mga eskriba at mga Fariseo, mga mapagpaimbabaw! Sapagka’t itinatayo ninyo ang mga libingan ng mga propeta, at inyong ginayakan ang mga libingan ng mga matuwid, At sinasabi ninyo, Kung kami sana ang nangabubuhay nang mga kaarawan ng aming mga magulang disi’y hindi kami nangakaramay nila sa dugo ng mga propeta. Kaya’t kayo’y nangagpapatotoo sa inyong sarili, na kayo’y mga anak niyaong mga nagsipatay ng mga propeta. Punuin nga ninyo ang takalan ng inyong mga magulang. Kayong mga ahas, kayong mga lahi ng mga ulupong, paanong mangakawawala kayo sa kahatulan sa impierno? Kaya’t, narito, sinusugo ko sa inyo ang mga propeta, at mga pantas na lalake, at mga eskriba: ang mga iba sa kanila’y inyong papatayin at ipapako sa krus; at ang mga iba sa kanila’y inyong hahampasin sa inyong mga sinagoga, at sila’y inyong paguusigin sa bayan-bayan: Upang mabubo sa inyo ang lahat na matuwid na dugo na nabuhos sa ibabaw ng lupa, buhat sa dugo ng matuwid na si Abel hanggang sa dugo ni Zacarias na anak ni Baraquias na pinatay ninyo sa pagitan ng santuario at ng dambana. Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang lahat ng mga bagay na ito ay darating sa lahing ito” (Mateo 23:13–36).

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ano ang kahulugan ng katawagang “Fariseo”? Ito’y isang tao na mapagpaimbabaw, na isang huwad at nagkukunwari sa lahat ng kanilang

ginagawa, nagkukunwaring mabuti, mabait, at positibo. Ito ba talaga ang kung ano sila? Sila'y mapagpaimbabaw, at kaya lahat ng nakikita at inihahayag sa kanila ay di-totoo, lahat ito'y pagkukunwari—hindi ito ang kanilang tunay na mukha. Ang kanilang tunay na mukha ay natatago sa loob ng kanilang mga puso; ito'y di-nakikita. Kung hindi hinahabol ng mga tao ang katotohanan, kung hindi nila nauunawaan ang katotohanan, kung gayon naging ano na ang relihiyosong kaalaman at mga teorya na kanilang natamo? Nagiging mga salita na ba ng doktrina ang mga ito na malimit sinasabi ng mga tao? Ginagamit ng mga tao itong mga tinatawag na tamang doktrina para magkunwari at maipakita ang mga sarili nang mainam. Saanman sila pumupunta, ang mga bagay na pinag-uusapan nila, ang mga bagay na sinasabi nila, at ang kanilang panlabas na pag-uugali ay mukhang tama at mabuti sa iba. Lahat sila ay naaayon sa mga pagkaunawa at panlasa ng tao. Sa paningin ng iba, sila'y taimtim at mapagpakumbaba. Sila'y matiyaga, mapagparaya, at mapagmahal sa iba. Sa katunayan, lahat ito'y huwad—lahat ito'y pagkukunwari. Sa panlabas, sila'y tapat sa Diyos, nguni't sa likod ng eksena, lahat ng ginagawa nila'y paimbabaw. Sa tingin, tinalikuran na nila ang kanilang pamilya at propesyon, sila'y nagpapagal at ginugugol ang mga sarili—nguni't sa katunayan sila'y palihim na kumikita mula sa iglesia at nagnanakaw ng mga handog! Lahat ng kanilang ipinakikita, lahat ng kanilang pag-uugali ay huwad! Ito ang ibig sabihin ng mapagpaimbabaw na Fariseo. Saan ang mga "Fariseo"—ang mga taong ito nagmumula? Sila ba'y lumilitaw sa gitna ng mga di-mananampalataya? Silang lahat ay lumilitaw sa gitna ng mga mananampalataya. Bakit nagiging ganyan ang mga mananampalatayang ito? Maaari kayang ang mga salita ng Diyos ang gumawa sa kanila na magkaganyan? Ang dahilan kung bakit sila nagkaganyan ay pangunahing dahil lumakad sila sa maling landas. Kinukuha nila ang mga salita ng Diyos bilang kagamitan upang maging sandata nila; ginagawa nilang sandata ang mga salitang ito at ginagawang puhunan para magkaroon ng ikabubuhay, makakuha ng isang bagay mula sa wala. Wala silang ginagawa kundi mangaral ng mga relihiyosong doktrina, at hindi kailanman nakakasunod sa

paraan ng Diyos. Ang kanilang tila mabuting pag-uugali at mabuting paggawi, iyang kaunting natatalikuran nila at nagugugol ay pawang sapilitan, lahat ito'y palabas na ipinakikita nila. Lahat ito'y huwad; lahat ito'y pagkukunwari. Sa mga puso ng mga taong ito wala ni katiting na paggalang sa Diyos, at wala pa silang anumang totoong paniniwala sa Diyos. Higit pa riyan, sila'y sa mga di-mananampalataya. Kung hindi hinahabol ng mga tao ang katotohanan, lalakaran nila ang ganitong uri ng landas, at magiging Fariseo sila. Di ba nakakatakot ito? Saang lugar nagtitipon ang mga Fariseo? Ito ay sa pamilihan. Sa mata ng Diyos, iyon ang relihiyon; hindi ito ang iglesya ng Diyos, ni hindi ito isang lugar kung saan Siya ay sinasamba. Sa gayon, kung hindi hinahanap ng mga tao ang katotohanan, gaano man karami ang mga literal na salita at mababababaw na mga doktrina tungkol sa mga pahayag ng Diyos ang kanilang makuha, ito ay walang silbi.

Hinango mula sa "Anim na Pahiwatig ng Pag-unlad sa Buhay" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sa Israel, ang "Fariseo" ay parang titulo noon. Bakit ngayon ay isa na itong bansag? Ito ay dahil ang mga Fariseo ay naging kinatawan ng isang klase ng tao. Ano ang mga katangian ng ganitong klase ng tao? Umaawit sila ng mga sawikain, sanay sila sa pagpapanggap, sa paggayak, sa pagtatago ng kanilang tunay na mga sarili, at nagkukunwa sila ng dakilang kamaharlikahan, dakilang kabanalan at katuwiran, dakilang pagkapatas at karangalan. Bunga nito, hindi nila isinasagawa ang katotohanan nang kahit kaunti. Paano sila kumikilos? Nagbabasa sila ng mga kasulatan, nangangaral sila, nagtuturo sila sa kapwa na gumawa ng mabuti, hindi gumawa ng masama, hindi labanan ang Diyos; nagsasabi sila ng mga kaaya-ayang pakinggan na mga bagay at kumikilos nang mabuti sa harap ng iba, subalit, kapag nakatalikod ang iba, nagnanakaw sila ng mga alay. Sinabi ng Panginoong Jesus na sila ay "nagsasala ng niknik pero lumulunok ng kamelyo." Nangangahulugan itong ang lahat ng ikinikilos nila ay tila mabuti sa panlabas—mapagpanggap silang umaawit ng mga

sawikain, nagsasalita sila ng tungkol sa mga palalong teorya, at ang kanilang mga salita ay masarap pakinggan, subalit ang mga gawain nila ay magulong karumihan at ganap na laban sa Diyos. Ang mga ikinikilos at panlabas na kaanyuan nila ay pagkukunwaring lahat, panlolokong lahat; sa kanilang mga puso, wala sila kahit kaunting pagmamahal sa katotohanan o sa mga positibong bagay. Kinamumuhian nila ang katotohanan, kinamumuhian nila ang lahat ng nagmumula sa Diyos, at kinamumuhian nila ang mga positibong bagay. Ano ang iniibig nila? Iniibig ba nila ang pagkamakatarungan at pagkamakatuwiran? (Hindi.) Paano mo masasabing hindi nila iniibig ang mga bagay na ito? (Dumating ang Panginoong Jesus upang gumawa ng gawain at ikalat ang ebanghelyo ng kaharian ng langit, subalit pinarusahan nila Siya.) Kung hindi nila Siya pinarusahan, masasabi mo ba? Bago dumating ang Panginoong Jesus upang gumawa ng gawain, ano kaya ang makapagsasabi sa iyong hindi nila inibig ang pagkamakatarungan at pagkamakatuwiran? Hindi mo malalaman, hindi ba? Ang lahat ng asal nila ay pagkukunwari, at ginagamit nila ang pagkukunwaring ito ng mabuting asal upang dayain ang kapwa sa kanilang pagtitiwala. Hindi ba ito pagpapaimbabaw at panlilinlang? Kaya ba ng mga ganitong manlilinlang na mahalin ang katotohanan? Ano ang natatagong layunin ng mabuting asal nilang ito? Isang bahagi ng kanilang layunin ay ang dayain ang kapwa; ang isang bahagi ay ang linlangin ang kapwa, upang mahalina ang mga ito sa kanila at sambahin sila, at sa huli, upang makatanggap ng mga gantimpala. Gaano katuso dapat ang mga pamamaraan nila upang magtagumpay sa ganoong kalaking panggagantso? Ang mga ganoong tao ba ay umiibig sa pagkamakatarungan at pagkamakatuwiran, kung gayon? Siyempre hindi. Gustung-gusto nila ang katayuan, gustung-gusto nila ang katanyagan at mabuting kapalaran, at hiling nilang makatanggap ng mga gantimpala. Isinasagawa ba nila ang mga salita ng paggabay ng Diyos para sa mga tao? Hindi talaga. Hindi nila isinasabuhay ni ang katiting ng mga ito; gumagamit lang sila ng paggayak at pagbabalatkayo upang lansihin ang mga tao at mahalina ang mga ito, upang mapanatili ang kanilang sariling

katayuan, upang mapanatili ang kanilang sariling reputasyon. Sa sandaling masiguro na nila ang mga bagay na ito, ginagamit nila ang mga ito upang makakuha ng puhunan at mapagkakakitaan. Hindi ba ito kasuklam-suklam? Makikita sa lahat ng kanilang mga asal na ito na kakanyahan nila ang hindi mahalin ang katotohanan, sapagkat hindi nila kailanman isinagawa ang katotohanan. Ano ang tanda na hindi nila isinasagawa ang katotohanan? Ito ang pinakamalaking tanda: Dumating ang Panginoong Jesus upang gumawa ng gawain at lahat ng sinabi Niya ay tama, lahat ng sinabi Niya ay katotohanan. Ano ang naging palagay nila roon? (Hindi nila iyon tinanggap.) Hindi ba nila tinanggap ang mga salita ng Panginoong Jesus dahil naniwala silang mali ang mga iyon, o hindi ba nila tinanggap ang mga iyon bagamat batid nilang tama ang mga iyon? (Hindi nila tinanggap ang mga iyon bagamat alam nilang tama iyon) At ano ang nakapagdulot nito? Hindi nila iniibig ang katotohanan at kinapopootan nila ang mga positibong bagay. Ang lahat ng sinabi ng Panginoong Jesus ay tama, walang anumang mali, at kahit na wala silang mahanap na anumang kamalian sa mga salita ng Panginoong Jesus na magagamit laban sa Kanya, sinabi nila, “Hindi ba ito ang anak ng karpintero?” Tinangka nilang humanap ng mga kamalian sa mga salita ng Panginoong Jesus na magagamit laban sa Kanya, at, nang ’di makahanap ng anuman, pinarusahan nila Siya, at pagkatapos ay nagsabwatan sila: “Ipapako Siya sa krus. Siya ang ipapako o kami.” Sa ganitong pamamaraan, kinalaban nila ang Panginoong Jesus. Bagamat hindi sila naniwalang ang Panginoong Jesus ang Panginoon, mabuting tao Siya na hindi sumuway sa legal na batas man o sa mga batas ni Jehova;[a] bakit nila parurusahan ang Panginoong Jesus? Bakit nila pinakitunguhan nang ganoon ang Panginoong Jesus? Makikita kung gaano kasama at kamalisyoso ang mga taong ito—abot sa kasukdulan ang kasamaan nila! Ang masamang mukha na inilantad ng mga Fariseo ay walang pinagkaiba sa kanilang pagbabalatkayo ng kabaitan. Maraming hindi makakakilala kung ano ang kanilang tunay na mukha at alin ang huwad, subalit ang anyo at gawain ng Panginoong Jesus ang nagbunyag ng lahat ng ito. Kung gaano kahusay

ang pagkukubli ng mga sarili ng mga Fariseo, kung gaano sila kabait tingnan sa panlabas—kung hindi nabunyag ang mga katotohanan, walang makakakita sa kanila sa kung ano sila.

Hinango mula sa “Ang Pinakamahalagang Bahagi ng Paniniwala sa Diyos ay ang Pagsasagawa ng Katotohanan” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ano ang pangunahing pagpapakita ng pagpapaimbabaw ng mga Fariseo? Masusing binasa lamang nila ang Banal na Kasulatan at hindi hinanap ang katotohanan. Nang mabasa nila ang mga salita ng Diyos, hindi sila nagdasal o naghanap; sa halip, pinag-aralan nila ang mga salita ng Diyos, pinag-aralan nila ang mga sinabi at ginawa ng Diyos, kaya’t ginawa nilang isang uri ng teorya ang Kanyang mga salita, isang doktrina na itinuturo nila sa iba. Ganito ang masusing pagbasa sa mga salita ng Diyos. Kaya’t bakit nila ginawa iyan? Ano ang kanilang masusingbinasa? Sa tingin nila, hindi salita ng Diyos ang mga ito, hindi sila mga pagpapahayag ng Diyos, at lalong hindi katotohanan ang mga ito, bagkus ay isang anyo ng karunungan. Sa tingin nila, ang ganoong karunungan ay dapat maipasa, dapat maipalaganap, at ito lamang ang pagpapalaganap sa gawi ng Diyos at ng ebanghelyo. Ito ang tinatawag nilang “pangangaral,” at ang sermon na kanilang ipinangaral ay teolohiya.

… Itinuring ng mga Fariseo ang teolohiya at ang teoryang kanilang dinalubhasa bilang isang uri ng karunungan, bilang isang kasangkapan sa pagkondena sa mga tao at pagsukat kung sila ay tama o mali. Ginamit pa nga nila ito sa Panginoong Jesus—ganyan kung paano nakondena ang Panginoong Jesus. Ang kanilang pagtatasa sa mga tao, at ang kanilang paraan sa pagtrato sa mga ito, ay hindi nakabatay sa kanilang diwa, o kung ang kanilang sinabi ay tama o mali, lalong hindi sa pinagkunan o pinagmulan ng kanilang mga salita. Kinundina at sinukat lamang nila ang mga tao batay sa mga matitigas na salita at doktrinang kanilang nadalubhasa. Kaya’t bagama’t batid ng mga Fariseong ito na ang ginawa ng Panginoong Jesus ay hindi kasalanan, at hindi paglabag sa batas, Siya ay kanila pa ring kinundina, sapagkat ang sinabi ng Panginoong Jesus ay

lumalabas na salungat sa kaalaman at karunungan na kanilang nadalubhasa at sa teorya ng teolohiya na kanilang naipaliwanag. At hindi basta niluluwagan ng mga Pariseo ang kanilang kapit sa mga salita at pariralang ito, nangunyapit sila sa karunungang ito at hindi ito pawawalan. Ano lamang ang tanging posibleng kalalabasan sa huli? Hindi nila kikilalanin na ang Panginoong Jesus ay ang Mesiyas na darating, o na may katotohanan sa sinabi ng Panginoong Jesus, lalo pang hindi na ang sinabi ng Panginoong Jesus ay pagsang-ayon sa katotohanan. Nakakita sila ng ilang di-mapatunayang paratang upang kondenahin ang Panginoong Jesus—ngunit ang totoo, sa kanilang mga kalooban, alam ba nila kung makatwiran ang mga tinukoy nilang kasalanan sa pagsumpa sa Kanya? Alam nila. Kung gayon, bakit pa rin nila Siya kinundina? (Ayaw nilang paniwalaan na ang mataas at makapangyarihang Diyos na nasa kanilang isipan ay maaaring ang Panginoong Jesus, ang imaheng ito ng isang pangkaraniwang Anak ng tao.) Ayaw nilang tanggapin ang katunayang ito. At ano ang katuturan ng kanilang pagtangging tanggapin ito? Hindi ba't mayroon ditong pagsisikap na makapangatwiran sa Diyos? Ang ibig nilang sabihin ay "Magagawa ba iyan ng Diyos? Kung ang Diyos ay nagkatawang-tao, tiyak na Siya ay dapat sumilang mula sa marangal na lahi. Higit pa, dapat Niyang tanggapin ang pagtuturo ng mga eskriba at Fariseo, matutuhan ang karunungang ito, at magbasa nang magbasa ng Banal na Kasulatan. Pagkaraan maangkin Niya ang karunungang ito, saka lamang Niya makukuha ang titulo ng 'pagkakatawang-tao'." Naniwala sila na, una, Ikaw ay hindi kuwalipikado, kaya't Ikaw ay hindi Diyos; pangalawa, kung wala ang karunungang ito, hindi Mo magagawa ang gawain ng Diyos, at lalong hindi Ka magiging Diyos; pangatlo, hindi Ka makagagawa sa labas ng templo—wala Ka sa templo ngayon, palagi Kang kasama ng mga makasalanan, kaya't ang mga gawain Mo ay lampas sa saklaw ng gawain ng Diyos. Saan nagmula ang batayan ng kanilang sumpa? Mula sa Banal na Kasulatan, mula sa isip ng tao, at mula sa natanggap nilang edukasyon sa teolohiya. Sapagkat punung-puno sila sa mga palagay, guniguni, at karunungan, naniwala sila na tama ang karunungang ito, na ito ang

katotohanan, na ito ang batayan, at hindi kailanman masasalungat ng Diyos ang mga bagay na ito. Hinanap ba nila ang katotohanan? Hindi. Ang kanilang hinanap ay ang kanilang mga palagay at haka, at ang kanilang mga sariling karanasan, at sinubok nilang gamitin ang mga ito upang bigyang katuturan ang Diyos at matukoy kung Siya ba ay tama o mali. Ano ang panghuling kinahantungan nito? Kinundina nila ang gawain ng Diyos at ipinako Siya sa krus.

Hinango mula sa "Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (7)" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Nais ba ninyong malaman ang pinag-ugatan ng pagkontra ng mga Fariseo kay Jesus? Nais ba ninyong malaman ang diwa ng mga Fariseo? Puno sila ng mga pantasya tungkol sa Mesiyas. Bukod pa riyan, naniwala lamang sila na darating ang Mesiyas, subalit hindi nila hinanap ang buhay katotohanan. Kaya nga, kahit ngayon ay hinihintay pa rin nila ang Mesiyas, sapagkat wala silang kaalaman tungkol sa landas ng buhay, at hindi nila alam kung ano ang landas ng katotohanan. Paano ninyo nasasabi na matatamo ng gayon kahangal, katigas ang ulo at kamangmang na mga tao ang pagpapala ng Diyos? Paano nila mamamasdan ang Mesiyas? Kinalaban nila si Jesus dahil hindi nila alam ang direksyon ng gawain ng Banal na Espiritu, dahil hindi nila alam ang landas ng katotohanang binanggit ni Jesus, at, bukod pa riyan, dahil hindi nila naunawaan ang Mesiyas. At dahil hindi pa nila nakita ang Mesiyas kailanman at hindi pa nila nakasama ang Mesiyas kailanman, nagkamali silang kumapit nang walang-saysay sa pangalan ng Mesiyas habang kinalaban ang diwa ng Mesiyas sa lahat ng posibleng paraan. Ang diwa ng mga Fariseong ito ay mga sutil, mayabang, at hindi sumunod sa katotohanan. Ang prinsipyo ng kanilang paniniwala sa Diyos ay: Gaano man kalalim ang pangangaral Mo, gaano man kataas ang Iyong awtoridad, hindi Ikaw si Cristo maliban kung Ikaw ang tinatawag na Mesiyas. Hindi ba katawa-tawa at kakatwa ang mga pananaw na ito?

Hinango mula sa "Kapag Namasdan Mo na ang Espirituwal na Katawan ni Jesus, Napanibago

Kung itinuturing ng mga tao ang katotohanan bilang doktrinang dapat panghawakan sa kanilang pananampalataya, sila ba ay malamang na mahulog sa relihiyosong seremonya? At ano ang kaibahan sa pagitan ng pagkapit sa ganitong uri ng relihiyosong seremonya at ng pananampalataya ng Kristiyanismo? Maaaring may mga pagkakaiba sa pagitan ng luma at bagong mga katuruan, at ang sinasabi ay maaaring higit na malalim at higit na maunlad, nguni’t kung ang mga katuruan ay walang iba kundi isang uri ng teorya at kung ang mga ito ay nagiging isang anyo lamang ng seremonya, ng doktrina para sa mga tao—at, gayundin, hindi nila nakakamtan ang katotohanan mula rito o nakakapasok sa realidad ng katotohanan, kung gayon hindi ba’t ang pananampalataya nila’y tulad lamang ng Kristiyanismo? Sa pinakadiwa, hindi ba ito Kristiyanismo? Kung gayon sa inyong pag-uugali at sa pagganap ng inyong tungkulin, sa aling mga bagay ninyo pinanghahawakan ang pareho o katulad na pananaw ng mga mananampalataya sa Kristiyanismo? Ang paghahabol sa paimbabaw na mabuting pag-uugali, sa gayon ginagawa mo ang sukdulan para lumikha ng pagkukunwari para sa inyong mga sarili gamit ang pagpapakita ng espirituwalidad; nagbabalatkayo bilang isang taong espirituwal; nagpapakita ng anyo ng espirituwalidad sa iyong sinasabi, ginagawa, at ipinahahayag; gumagawa ng ilang bagay na, sa pagkaunawa at guni-guni ng mga tao, ay kapuri-puri—lahat ito’y paghahabol sa huwad na espirituwalidad, at ito’y pagpapaimbabaw. Tumatayo kayo sa mataas na pananalita at teorya, nagsasabi sa mga taong gumawa ng mabubuti, maging mabubuting tao, at magtuon sa paghahabol sa katotohanan, nguni’t sa inyong sariling pag-uugali at sa pagganap ng inyong tungkulin, hindi ninyo kailanman nahahanap ang katotohanan, hindi kayo kailanman nakakakilos ayon sa mga prinsipyo ng katotohanan, hindi ninyo kailanman nauunawaan kung ano ang binabanggit sa katotohanan, kung ano ang kalooban ng Diyos, kung ano ang mga pamantayang kinakailangan Niya sa tao—hindi ninyo kailanman sineseryoso ang anuman dito. Kapag

nakakatagpo kayo ng ilang isyu, lubusan kayong kumikilos ayon sa inyong sariling kalooban at isinasantabi ang Diyos. Ang mga panlabas na pagkilos at panloob na kalagayan bang ito ay pagkatakot sa Diyos at paglayo sa kasamaan? Kung walang ugnayan sa pagitan ng pananampalataya ng mga tao at kanilang paghahabol sa katotohanan, kahit ilang taon pa silang naniniwala sa Diyos, hindi nila makakayang talagang matakot sa Diyos at layuan ang kasamaan. At kaya anong uri ng landas ang malalakaran ng mga taong ganyan? Paano nila sinasangkapan ang mga sarili nila sa araw-araw? Hindi ba't ito'y sa mga salita at teorya? Hindi ba't ginugugol nila ang kanilang mga araw sa pagsasandata sa mga sarili, binibihisan ang mga sarili ng mga salita at teorya, upang gawin ang mga sarili na mas tulad ng mga Fariseo, mas tulad ng mga tao na inaakalang naglilingkod sa Diyos? Ano ang lahat ng pagkilos na ito? Ang mga ito'y basta makakilos lamang; iwinawagayway nila ang bandila ng pananampalataya at gumaganap ng mga relihiyosong rituwal, nagsisikap dayain ang Diyos upang makamit ang kanilang layong mapagpala. Hindi nila sinasamba ang Diyos kahit paano.

Hinango mula sa "Tanging Kapag Namumuhay Ka sa Harapan ng Diyos sa Lahat ng Sandali Makalalakad Ka sa Landas ng Kaligtasan" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

May ilang mga tao na inaarmasan lamang ang kanilang mga sarili ng ilang mga katotohanan para sa panahon ng kagipitan o upang pabayaan ang kanilang mga sarili at tulungan ang iba, hindi upang lutasin ang sarili nilang mga kaguluhan; ang tawag natin sa kanila ay "walang pag-iimbot na mga tao." Tinuturing nila ang iba bilang mga papet ng katotohanan at ang kanilang mga sarili bilang mga dalubhasa ng katotohanan, tinuturuan ang iba na masunuring mamalagi sa katotohanan at huwag maging pasibo, habang sila sa kanilang mga sarili ay nanonood sa mga tabi—anong uring mga tao sila? Armado ng ilang mga salita ng katotohanan upang turuan lamang ang iba, habang sila ay walang ginagawa upang hadlangan ang kanilang mga sarili na makatagpo ang kanilang sariling pagkawasak—kalunus-lunos! Kung ang kanilang mga salita ay makakatulong sa iba, bakit hindi nila matulungan ang kanilang mga sarili? Dapat nating tawagin silang

mga ipokrito na walang realidad.

Hinango mula sa “Yaong mga Nagmamahal sa Katotohanan ay May Landas Pasulong” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

May pagkahilig ang ilang tao sa pag-akit ng pansin sa kanilang mga sarili. Sa piling ng kanilang mga kapatid, maaari nilang sabihin na may utang na loob sila sa Diyos, ngunit kapag nakatalikod sila, hindi nila isinasagawa ang katotohanan at ganap na iba ang kanilang ikinikilos. Hindi ba sila mga relihiyosong Fariseo? Ang isang taong tunay na nagmamahal sa Diyos at nagtataglay ng katotohanan ay taong matapat sa Diyos ngunit hindi ito ipinagpapasikat. Ang ganitong tao ay nakahandang isagawa ang katotohanan kapag kinakailangan ng sitwasyon at hindi nagsasalita o kumikilos sa paraang labag sa kanyang konsensya. Nagpapakita siya ng karunungan kapag kinakailangan ng mga bagay-bagay at may prinsipyo siya sa kanyang mga gawa anuman ang kalagayan. Ang taong tulad nito ay kayang tunay na maglingkod. May ilan namang madalas na hanggang salita lamang pagdating sa pagkakautang nila sa Diyos; ginugugol nila ang kanilang mga araw na nakakunot ang noo sa pag-aalala, na nagbabalatkayo, at nagkukunwaring kahabag-habag. Talagang kasuklam-suklam! Kung tatanungin mo sila, “Maaari bang sabihin mo sa akin kung paano ka may utang na loob sa Diyos?” wala silang maisasagot. Kung ikaw ay matapat sa Diyos, huwag mong ipagsabi iyon; bagkus, gamitin mo ang aktwal na pagsasagawa upang ipakita ang iyong pagmamahal sa Diyos, at manalangin ka sa Kanya nang may tapat na puso. Mga mapagpaimbabaw ang lahat ng gumagamit lamang ng salita upang pakitunguhan ang Diyos at gumagawa para lang masabing may nagawa! Ang ilan ay nagsasalita tungkol sa pagkakautang sa Diyos sa bawat panalangin, at nagsisimulang umiyak kapag nananalangin sila, kahit na walang pag-antig ng Banal na Espiritu. Namamayani sa mga taong tulad nito ang mga pangrelihiyong ritwal at palagay; namumuhay sila ayon sa mga naturang ritwal at palagay, laging naniniwala na ang mga naturang kilos ay kalugud-lugod sa Diyos, at ang paimbabaw na kabanalan o malulungkot na pagluha ay sinasang-

ayunan ng Diyos. Anong kabutihan ang maidudulot ng mga kakatwang taong ito? Upang ipakita ang kanilang pagpapakumbaba, pakunwaring nagpapakita ng kagandahang-loob ang ilan kapag nagsasalita sila sa presensya ng iba. Ang ilan ay sinasadyang maging mapaglingkod sa presensya ng iba, kumikilos na gaya ng isang tupa na walang kahit anong lakas. Naaangkop ba ang ganitong asal sa mga tao ng kaharian? Ang mga tao ng kaharian ay dapat na buhay na buhay at malaya, walang-sala at bukas ang kalooban, tapat at kaibig-ibig, at namumuhay sa kalagayan ng kalayaan. Dapat ay mayroon silang integridad at dignidad, at kaya nilang tumayong saksi saan man sila magpunta; kinalulugdan kapwa ng Diyos at ng tao ang mga ganitong tao. Ang mga baguhan sa pananampalataya ay may napakaraming panlabas na gawi; kailangan muna nilang sumailalim sa isang panahon ng pakikitungo at pagbasag. Ang mga may pananalig sa Diyos sa kanilang mga puso ay hindi kakaiba sa iba sa panlabas, ngunit ang kanilang mga kilos at gawa ay kapuri-puri. Ang mga ganitong tao lamang ang maituturing na nagsasabuhay sa salita ng Diyos. Kung araw-araw kang nangangaral ng ebanghelyo sa iba't ibang tao sa pagsisikap na madala sila sa kaligtasan, ngunit sa katapusan ay namumuhay ka pa rin sa mga patakaran at doktrina, hindi mo mabibigyan ng luwalhati ang Diyos kung gayon. Ang mga naturang tao ay mga relihiyosong tao, at mga mapagpaimbabaw rin.

……

Ano ang kinakatawan ng panlabas na mabubuting gawa ng mga tao? Kinakatawan ng mga ito ang laman, at kahit na ang pinakamagagandang panlabas na gawi ay hindi kumakatawan sa buhay; tanging ang iyong sariling indibidwal na pag-uugali ang maipapakita ng mga ito. Hindi kayang tuparin ng mga panlabas na gawi ng tao ang nais ng Diyos. Lagi mong binabanggit ang iyong pagkakautang sa Diyos, ngunit hindi mo kayang tustusan ang buhay ng iba o pukawin sila na mahalin ang Diyos. Naniniwala ka bang ikalulugod ng Diyos ang mga naturang kilos mo? Naniniwala kang nakaayon sa kalooban ng Diyos ang iyong mga kilos, na ang mga ito ay sa espiritu, ngunit ang totoo ay pawang kabaliwan ang mga

ito! Naniniwala ka na kung ano ang kasiya-siya sa iyo at kung ano ang nais mong gawin ay iyon ngang mga bagay na nakalulugod sa Diyos. Kaya bang katawanin ng mga kagustuhan mo ang Diyos? Kaya bang katawanin ng karakter ng isang tao ang Diyos? Ang kasiya-siya sa iyo ay iyon ngang kinasusuklaman ng Diyos, at ang iyong mga gawi ay siyang pinandidirihan at inaayawan ng Diyos. Kung pakiramdam mo ay may utang na loob ka, kung gayon ay manalangin ka sa Diyos. Hindi mo kailangang banggitin ito sa iba. Kung hindi ka nananalangin sa Diyos at sa halip ay laging umaakit ng pansin sa iyong sarili sa presensya ng iba, kaya ba nitong bigyang-kaluguran ang kalooban ng Diyos? Kung laging panlabas lamang ang iyong mga kilos, nangangahulugan ito na ikaw ay sukdulan sa pagkahambog. Anong uri ng mga tao silang pakitang-tao lamang ang paggawa ng mabuti at salat sa realidad? Ang mga naturang tao ay mga mapagpaimbabaw na Fariseo at mga relihiyosong tao! Kung hindi ninyo iwawaksi ang inyong mga panlabas na gawi at hindi ninyo kayang gumawa ng mga pagbabago, lalong lalago sa inyo ang mga elemento ng pagpapaimbabaw. Habang mas higit ang mga elemento ng pagpapaimbabaw sa inyo, mas higit ang pagsalungat sa Diyos. Sa katapusan, ang mga naturang tao ay siguradong aalisin!

Hinango mula sa “Sa Pananampalataya, Kailangang Magtuon ang Isang Tao sa Realidad—Ang Pagsali sa mga Pangrelihiyong Ritwal ay Hindi Pananampalataya” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Karamihan sa mga tao sa panahong ito ay nakatuon sa mga pamamaraan ng pagsasagawa, subalit hindi nila ginagawa iyon para patuloy na sikaping matamo ang katotohanan at magkamit ng paglago sa buhay. Dito na sila naligaw ng landas. Mayroon ding ilan na may kakayahang tumanggap ng bagong liwanag, ngunit hindi nagbabago ang kanilang mga pamamaraan ng pagsasagawa. Tangay nila ang dati nilang mga pagkaintindi sa relihiyon habang umaasa silang tumanggap ng mga salita ng Diyos ngayon, kaya ang tinatanggap nila ay doktrinang may kulay pa rin ng mga pagkaintindi sa relihiyon; hindi lamang liwanag ngayon ang

kanilang tinatanggap. Dahil dito, may dungis ang kanilang mga pagsasagawa; dati pa ring mga pagsasagawa ang mga iyon gamit ang bagong pabalat. Gaano man kahusay ang kanilang pagsasagawa, mga mapagpaimbabaw sila. Inaakay ng Diyos ang mga tao sa paggawa ng mga bagong bagay araw-araw, na inuutos na bawat araw ay may bago silang mababatid at mauunawaan, at hinihiling na huwag silang maging makaluma at paulit-ulit. Kung naniwala ka na sa Diyos sa loob ng maraming taon, subalit hindi man lang nagbago ang iyong mga pamamaraan ng pagsasagawa, at kung masigasig at abala ka pa rin tungkol sa mga bagay na panlabas, subalit wala kang tahimik na pusong maiharap sa Diyos upang matamasa ang Kanyang mga salita, wala kang mapapala. Pagdating sa pagtanggap sa bagong gawain ng Diyos, kung hindi mo iibahin ang iyong pagpaplano, hindi ka nagsasagawa sa isang bagong paraan, at hindi ka naghahangad ng anumang bagong pagkaunawa, kundi sa halip ay kumakapit ka sa dati mong pagkaunawa at tumatanggap lamang ng kaunting limitadong bagong liwanag, nang hindi binabago ang paraan ng iyong pagsasagawa, ang mga taong katulad mo ay kasama sa daloy na ito sa pangalan lamang; ang totoo, sila ay mga relihiyosong Fariseo sa labas ng daloy ng Banal na Espiritu.

Hinango mula sa “Hinggil sa Isang Normal na Espirituwal na Buhay” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Lahat yaong mga hindi naghahangad ng pagsunod sa Diyos sa pananampalataya nila ay sumasalungat sa Kanya. Hinihiling ng Diyos na hanapin ng mga tao ang katotohanan, na mauhaw sila sa mga salita Niya, kainin at inumin ang mga salita Niya, at isagawa ang mga ito, upang makamit nila ang pagsunod sa Diyos. Kung ang mga ito ang tunay mong mga layon, tiyak na itataas ka ng Diyos, at tiyak na magiging mapagbiyaya sa iyo. Ito ay hindi mapagdududahan at hindi mababago. Kung ang layon mo ay hindi sumunod sa Diyos, at mayroon kang ibang mga pakay, lahat ng sinasabi at ginagawa mo—ang panalangin mo sa harap ng Diyos, at maging ang bawat kilos mo—ay magiging pagsalungat sa Kanya. Maaaring

ikaw ay malumanay magsalita at may banayad na asal, maaaring mukhang wasto ang bawat kilos at pagpapahayag mo, at maaaring mukha kang isang taong sumusunod, ngunit pagdating sa mga layon mo at sa mga pananaw mo tungkol sa pananampalataya sa Diyos, pagsalungat sa Diyos ang lahat ng ginagawa mo; kasamaan ang lahat ng ginagawa mo. Ang mga taong lumilitaw bilang masusunurin tulad ng mga tupa, ngunit nagkikimkim ang mga puso ng masasamang pakay, ay mga lobong nakadamit ng pang-tupa. Tuwiran silang nagkakasala sa Diyos, at hindi ititira ng Diyos ang kahit isa sa kanila. Ibubunyag ng Banal na Espiritu ang bawat isa sa kanila at ipapakita sa lahat na yaong mga mapagkunwari ay tiyak na kamumuhian at tatanggihan ng Banal na Espiritu. Huwag mag-alala: Pakikitunguhan at itatapon ng Diyos ang bawat isa sa kanila nang sunud-sunod.

Hinango mula sa “Sa Pananampalataya Mo sa Diyos, Dapat Kang Sumunod sa Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Talababa:

a. Wala sa orihinal na teksto ang salitang “ni Jehova.”

120. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa Kalikasang Diwa ng Tao

(1) Upang makilala ang kalikasang diwa ng isang tao, tingnan kung ano ang hinahangad nilang makamit sa kanilang paghahabol, sino ang kanilang sinasamba, at ang landas na kanilang tinatahak, ayon sa kanilang mga kagustuhan;

(2) Upang makilala ang kalikasang diwa ng isang tao, tingnan ang kanilang hindi nagbabagong asal at mga aspekto ng disposisyong palagi nilang inihahayag, gayundin kung sino ang mga pinakikisamahan nila;

(3) Upang makilala ang kalikasang diwa ng isang tao, tingnan ang kanilang mga kahinaan, ang kanilang nakamamatay na kahinaan, at kung anong mga gawain ang may pinakamalakas na pagkontrol sa kanila;

(4) Upang mapatunayan ang kalikasang diwa ng isang tao, tingnan

ang kanilang mga pananaw sa mga bagay-bagay, at ang kanilang mga pananaw sa mundo, pagtanaw sa buhay, at mga kaugaliang pinaninindigan nila.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang sinuman ay maaaring gumamit ng kanilang sariling mga salita at mga pagkilos upang katawanin ang kanilang tunay na mukha. Ang totoong mukhang ito ay, siyempre, ang kanilang kalikasan. Kung ikaw ay isang taong nagsasalita sa isang paikut-ikot na paraan, ikaw ay may isang baluktot na kalikasan. Kung ang iyong kalikasan ay tuso, kumikilos ka sa mapanlinlang na paraan, at ginagawa mong napakadali para sa iba na malansi mo. Kung ang iyong kalikasan ay nakakatakot, maaaring maging kaaya-ayang pakinggan ang iyong mga salita, ngunit hindi maitatago ng iyong mga pagkilos ang iyong mga nakakatakot na pandaraya. Kung ang iyong kalikasan ay tamad, ang lahat ng bagay na iyong sinasabi ay naglalayong umiwas sa responsibilidad para sa iyong kawalang-interes at katamaran, at ang iyong mga pagkilos ay magiging mabagal at basta-basta, at napakagaling sa pagtatakip ng katotohanan. Kung ang iyong kalikasan ay madamayin, magiging makatwiran ang iyong mga salita, at ang mga kilos mo rin ay aayon nang maigi sa katotohanan. Kung ang iyong kalikasan ay tapat, ang iyong mga salita ay tiyak na taos-puso at ang paraan ng iyong pagkilos ay praktikal, walang anumang magsasanhi para sa iyong amo na mabalisa. Kung ang iyong kalikasan ay mapagnasa o sakim sa pera, ang iyong puso ay kadalasang mapupuno ng mga bagay na ito, at ikaw ay hindi sinasadyang gagawa ng mga lihis at imoral na bagay na magiging mahirap para sa mga tao na makalimutan at na magpapasulasok sa kanila.

Hinango mula sa “Isang Napakaseryosong Problema: Pagkakanulo (1)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Paano mo masasabi kung ano ang diwa ng isang tao? Hindi mo masasabi kung ano ang kalikasang diwa ng tao kapag wala silang ginagawa o kapag walang-kuwenta ang kanilang ginagawa. Nakikita ang

mga ito sa regular na inihahayag nila, sa mga motibo sa likod ng kanilang mga ikinikilos, sa mga layon sa likod ng kanilang ginagawa, sa mga hangaring kinikimkim nila, at sa landas na kanilang tinatahak. Ang mas mahalaga pa, nakikita ang mga bagay na ito sa kanilang reaksyon kapag nakakaranas sila ng isang sitwasyong ipinlano ng Diyos, kapag nakakaranas sila ng isang bagay na personal na ginawa sa kanila ng Diyos, kapag sila ay sinusubok at pinipino, o hinarap at pinungos, o kung hindi nama'y kapag personal silang nililiwanagan at ginagabayan ng Diyos. Saan nauugnay ang lahat ng ito? Nauugnay ito sa mga kilos ng isang tao, sa paraan ng kanilang pamumuhay, at sa mga prinsipyong sinusunod nila sa kanilang pag-uugali. Nauugnay rin ito sa direksyon at mga mithiin ng kanilang mga sinisikap na matamo, at sa mga pamamaraan kung paano nila ito sinisikap na matamo. Sa madaling salita, may kaugnayan ito sa landas na tinatahak ng taong ito, kung paano sila nabubuhay, ano ang ipinamumuhay nila, at ano ang batayan ng kanilang pag-iral.

Hinango mula sa "Paano Makikilala ang Kalikasang Diwa ni Pablo" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ano ang pagkaunawa mo sa kalikasan ng tao? Ang talagang ibig sabihin ng maunawaan ang kalikasan mo ay ang paghimay ng kailaliman ng kaluluwa mo; may kinalaman dito kung ano ang nasa buhay mo. Ang lohika at mga pananaw ni Satanas ang ipinamumuhay mo noon pa man; ang ibig sabihin, ang buhay ni Satanas ang ipinamumuhay mo. Mauunawaan mo lamang ang kalikasan mo kung ilalantad mo ang nasa kaibuturan ng iyong kaluluwa. Paano mailalantad ang mga bagay na ito? Hindi mailalantad o mahihimay ang mga ito sa pamamagitan lamang ng isa o dalawang pangyayari; kadalasan, pagkatapos mong matapos ang isang bagay, hindi mo pa rin ito nauunawaan. Maaaring umabot ng tatlo o limang taon bago ka makapagtamo ng kahit katiting na pagkatanto at pagkaunawa. Sa maraming sitwasyon, kailangan mong pagnilayan at makilala ang sarili mo, at makakakita ka lamang ng resulta kapag nagsagawa ka ng malalim na paghuhukay. Habang lumalalim nang

lumalalim ang pagkaunawa mo sa katotohanan, unti-unti mong malalaman ang sarili mong kalikasang diwa sa pamamagitan ng pagninilay sa sarili at pagkilala sa sarili. Para malaman mo ang kalikasan mo, kailangan mong magsagawa ng ilang bagay. Una, kailangan mong magkaroon ng malinaw na pagkaunawa kung anong gusto mo. Hindi ito tumutukoy sa gusto mong kainin o isuot; sa halip, tumutukoy ito sa mga uri ng bagay na kinasisiyahan mo, mga bagay na kinaiinggitan mo, mga bagay na sinasamba mo, mga bagay na hinahanap mo, at mga bagay na pinagtutuunan ng puso mo, mga uri ng tao na nasisiyahan kang makaugnayan, mga uri ng bagay na gusto mong gawin, at mga uri ng tao na iniidolo mo sa puso mo. … Maaring mabait ka sa isang tao sa isang panahon, nguni't hindi nito pinatutunayan na kinagigiliwan mo sila. Ang tunay na kinagigiliwan mo ay kung ano eksakto ang nasa kalikasan mo, kahit pa mabali ang mga buto mo, masisiyahan ka pa rin dito at hindi mo ito matatalikdan kailanman. Ito ay hindi madaling baguhin. Pag-usapan natin ang paghahanap ng mapapangasawa, halimbawa. Kung talagang umibig ang isang babae sa isang tao, kung gayon walang makakapigil sa kanya. Kahit baliin ang kanyang mga binti, gugustuhin pa rin niyang makasama siya; gugustuhin niyang magpakasal sa kanya kahit nangahulugang kailangang mamatay siya. Paano nangyari ito? Ito ay dahil walang makapagpapabago sa nasa kaibuturan ng mga tao. Kahit namatay ang isang tao, parehong mga bagay pa rin ang gugustuhin ng kanyang kaluluwa; likas na sa tao ang mga bagay na ito, at kumakatawan ang mga ito sa pinakadiwa ng isang tao.

Hinango mula sa "Ang Dapat Malaman Tungkol sa Pagbabago ng Disposisyon ng Isang Tao" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ano ang ibig sabihin ng malaman ang sariling kalikasan? Paano ito malalaman? Mula sa anong mga aspeto ito nalalaman? Bukod pa riyan, paano ba talaga dapat tingnan ang kalikasan ng isang tao sa pamamagitan ng mga bagay na kanyang ibinubunyag? Una sa lahat, makikita mo ang kalikasan ng tao sa pamamagitan ng kanyang mga interes. Halimbawa, mahilig talagang magsayaw ang ilan, ang ilan naman ay talagang mahilig

sa mga mang-aawit o sa mga artista sa pelikula, at ang ilan ay talagang iniidolo ang ilang tanyag na tao. Mula sa mga interes na ito, makikita natin kung ano ang likas na pagkatao ng mga taong ito. Halimbawa: Maaaring talagang iniidolo ng ilan ang isang partikular na mang-aawit, hanggang sa punto pang nahuhumaling na sila sa bawat galaw, bawat ngiti, at bawat salita nito. Nakatutok sila sa mang-aawit, at kinukunan pa nila ng litrato ang lahat ng isinusuot nito at ginagaya iyon. Ano ang ipinapakita ng ganitong antas ng pag-idolo tungkol sa kalikasang ito ng isang tao? Ipinapakita nito na ang mga bagay na iyon lang ang nasa puso ng gayong tao, at hindi ang Diyos. Ang lahat ng mga bagay na iniisip, minamahal, at hinahangad ng taong ito ay mula kay Satanas; nananahan ang mga ito sa puso ng taong ito, na bumigay na sa mga bagay na iyon. Ano ang problema rito? Kung sukdulan ang pagmamahal sa isang bagay, maaaring ang bagay na iyon ay maging buhay ng isang tao at sakupin ang kanyang puso, na lubos na nagpapatunay na ang taong iyon ay sumasamba sa idolo at ayaw sa Diyos at sa halip ay minamahal ang diyablo. Samakatuwid, masasabi natin na ang kalikasan ng gayong tao ay isa na nagmamahal at sumasamba sa diyablo, hindi nagmamahal sa katotohanan, at ayaw sa Diyos. Hindi ba ito ang tamang pagmalas sa kalikasan ng isang tao? Ganap na tama ito. Ganito hinihimay ang kalikasan ng tao. Halimbawa, masyadong iniidolo ng ilang tao si Pablo. Gusto nilang lumabas at magbigay ng mga talumpati at gumawa, gusto nilang dumadalo sa mga pagtitipon at mangaral, at gusto nila na pinakikinggan sila ng mga tao, sinasamba sila, at umiikot sa kanila. Gusto nilang magkaroon ng katayuan sa isipan ng iba, at natutuwa sila kapag pinahahalagahan ng iba ang larawang ipinakikita nila. Pag-aralan natin ang kanilang likas na pagkatao mula sa mga pag-uugaling ito: Ano ang kanilang likas na pagkatao? Kung ganito talaga silang kumilos, sapat na iyan upang ipakita na sila ay mayabang at hambog. Ni hindi man lang nila sinasamba ang Diyos; naghahangad sila ng mas mataas na katayuan at nangangarap na magkaroon ng awtoridad sa iba, na ariin sila, at magkaroon ng katayuan sa kanilang isipan. Ito ang klasikong larawan ni Satanas. Ang namumukod na mga aspeto ng kanilang likas na pagkatao

ay kayabangan at kahambugan, ayaw nilang sambahin ang Diyos, at nais nilang sambahin sila ng iba. Ang gayong mga pag-uugali ay maaaring magbigay sa iyo ng napakalinaw na pagtingin sa kanilang likas na pagkatao. Upang magbigay ng isa pang halimbawa, gustong-gusto ng ilang tao na makalamang nang di-patas sa kapinsalaan ng iba, at hangad ng mga taong ito na matupad ang kanilang mga pansariling interes sa lahat ng bagay. Anumang ginagawa nila ay dapat makinabang sila, o kung hindi, hindi nila ito gagawin. Hindi nila pinagkakaabalahan ang anumang bagay maliban na lamang kung binibigyan sila ng mga ito ng ilang pakinabang, at may lihim na mga motibo sa likod ng lahat ng kanilang kilos. Nagsasalita sila nang mabuti patungkol sa sinumang pinakikinabangan nila at pinupuri nila ang sinumang nambobola sa kanila. Kahit na may mga problema ang kanilang mga paborito, sasabihin nilang tama ang mga taong iyon at pagsisikapan silang pagtakpan at ipagtanggol. Anong kalikasan mayroon ang ganoong mga tao? Ganap na nakikitang malinaw ang kanilang kalikasan batay sa mga asal na ito, tama ba? Pinagsisikapan nilang makalamang nang di-patas sa pamamagitan ng kanilang mga kilos, laging nakikibahagi sa bawat sitwasyon nang may mala-transaksyong asal, at makatitiyak ka na ang kanilang kalikasan ay isa na may buong-pusong pagnanasa sa pakinabang. Sarili lamang nila ang kanilang iniisip sa lahat ng bagay na kanilang ginagawa. Hindi sila babangon nang maaga maliban na lamang kung makikinabang sila na gawin ito; sila ang pinakamakasarili sa lahat ng tao, lubusang walang pagkakuntento, kaya ang kanilang kalikasan ay naipapakita sa pamamagitan ng kanilang pagmamahal sa pakinabang at kawalan ng anumang pagmamahal sa katotohanan. Ang ilang kalalakihan ay nabibighani ng mga kababaihan, lagi silang naiisip sa lahat ng bagay na kanilang ginagawa at hinahabol-habol sila saanman sila magpunta. Ang magagandang babae ay tampulan ng pagsuyo ng gayong mga tao at humahawak sa pinakamataas na pagpapahalaga sa kanilang mga puso. Handa silang ibigay ang kanilang mga buhay, at isakripisyo ang lahat, para sa magagandang babae; ang mga babae ang siyang pumupuno sa kanilang mga puso. Ano ang kalikasan ng mga lalaking ito? Ang

kalikasan nila ay ang umibig sa magagandang babae at ang sambahin ang mga ito, kaya sila ay mga mahahalay na may masama at sakim na kalikasan. Ang kanilang mga kilos ay naghahayag ng sakim na kalikasan—ang mga pag-uugaling ito ay hindi lamang basta mga paminsan-minsang paglabag, ni ang gayong mga tao ay mas malala lamang nang bahagya kaysa sa ordinaryong mga tao—at nakasanayan nila na maging lubusang abala sa mga bagay na ito, na naging mismong kalikasan at diwa na nila. Samakatuwid, ang mga bagay na ito ay naging mga pagpapakita ng kanilang kalikasan.

Hinango mula sa “Paano Malalaman ang Kalikasan ng Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang pag-unawa sa sariling kalikasan ay pangunahing kinapapalooban ng pag-unawa sa kung anong uring tao ka talaga. Ipinapakita ng uri ng pagkatao mo kung anong uri ng kalikasan mayroon ka. Halimbawa, ang pagsasabi na ang isang tao ay ganito at ganyang tao ay pinakamainam na paglalarawan sa kanyang kalikasan; tinutukoy ng tipo ng kalikasang taglay ng isang tao kung anong tipo ng tao siya. Ang kalikasan ng isang tao ay ang buhay niya. Paano nakikita kung anong klase ang kalikasan ng isang tao? Dapat kang makisalamuha sa kanya nang mas madalas, at gumugol ng mas maraming panahon sa pagmamasid kung anong uri ng tao siya. Anumang pinakakapansin-pansin sa kanya, at kumakatawan sa kanyang diwa at mga katangian, ay masasabi na kanyang kalikasang diwa. Ang katangian ng diwa ng isang tao ay ang katangian ng kanyang kalikasan. Pagdating sa pagtingin kung anong uri ng tao talaga ang isang tao, ito ay isang mas tumpak na paraan ng pagtingin sa kanya. Anuman ang diwa ng isang tao, gayon din ang kanyang kalikasan. Tinutukoy ng kalikasan ng isang tao kung anong uri ng tao siya. Halimbawa, kung ang pinakaprominenteng katangian ng isang tao ay ang partikular na pagmamahal niya sa pera, mabubuod ang kanyang kalikasan sa iilang salita: Siya ay mapagmahal sa pera. Kung ang pinakaprominenteng katangian ng isang tao ay ang pagkahilig niya sa mga babae—at lagi

siyang nambababae—ang taong ito ay nagmamahal sa kasamaan at may masamang kalikasan. Pinakahilig ng ilang tao ang kumain. Kung mabibigyan mo ang ganoong tao ng kaunting maiinom at kaunting karne, o ibili siya ng iba pang klase ng masarap na pagkain, kikilos siya nang pabor sa iyo; samakatuwid ay ipinapakita nito na may matakaw na kalikasan ang taong ito. Bawat tao ay may nakamamatay na kapintasan na umiimpluwensiya sa bawat sandali ng kanyang buhay, na ipinapahiwatig sa lahat ng bagay tungkol sa taong iyon, at nagiging layon ng lahat ng bagay na kanyang ginagawa. Sa huli, nagiging kinatawan ang bagay na iyon ng kalikasan ng taong ito. Masasabi na ang kanyang kalikasan ay ang bahagi niya na pinakanakamamatay; ang nakamamatay niyang kapintasan ay ang kanyang kalikasan. Ang ilang tao ay tila may katanggap-tanggap na pagkatao at hindi nagpapakita ng anumang matitinding kapintasan sa panlabas, subalit ang kanilang pambihirang katangian ay karupukan. Wala silang mga pangarap sa buhay o mga adhikain; basta nakararaos sila sa buhay, natutumba kapag may nagsasabing kahit kaunting masasakit na bagay at nagiging negatibo kaagad-agad, hanggang sa punto na ayaw na nilang magkaroon ng pananampalataya. Ang natatanging katangian ng gayong mga tao ay karupukan, at ang kanilang kalikasan ay isang mahinang karuwagan. May lubhang madamdaming kalikasan ang ilang tao; sa kung ano ang kanilang sinasabi o ginagawa araw-araw, at sa lahat ng kanilang inaasal, umiiral sila sa mundo ng emosyon. Nakararamdam sila ng pagmamahal para sa taong ito at sa taong iyon, at araw-araw, pakiramdam nila ay obligado silang magbalik ng mga pabor at magbalik ng mga mabubuting damdamin; sa lahat ng bagay na kanilang ginagawa, nabubuhay sila sa mundo ng emosyon. Kapag namatay ang di-mananampalatayang kamag-anak ng ganoong tao, kailangan niyang umiyak nang tatlong araw. Nais na ng iba na ilibing ito, ngunit hindi pumapayag ang taong ito; may damdamin pa rin siya para sa namatay: Masyadong matindi ang kanyang mga emosyon. Masasabi na ang mga emosyon ang nakamamatay na kapintasan ng taong ito, ang pinakamatindi niyang kahinaan, na maaaring ganap na magdala sa kanya sa

kanyangkapahamakan at sumira sa kanya. Ang sobrang matitinding emosyon ay humahadlang sa kanya sa pagsasagawa ng katotohanan, at ipinapakita nito na walang katotohanan sa kanya at kumikilos siya nang walang prinsipyo. Nagpapakita lamang siya ng pagsaalang-alang para sa laman; siya ay hangal at magulo ang pag-iisip. Ang kanyang kalikasan ay ang pag-uugnay ng partikular na pagpapahalaga sa mga damdamin at nabubuhay nang ayon sa mga emosyon. Samakatuwid, kung nais mong maghangad ng pagbabago sa iyong disposisyon, dapat mong malaman ang iyong kalikasan.

Hinango mula sa “Paano Malalaman ang Kalikasan ng Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Pagdating sa pag-alam sa kalikasan ng tao, ang pinakamahalaga ay makita ito mula sa pananaw ng pagtingin ng tao sa mundo, pagtingin sa buhay, at mga pinahahalagahan. Yaong mga kampon ng diyablo ay nabubuhay na lahat para sa kanilang mga sarili. Ang pagtingin nila sa buhay at mga salawikain ay kalimitang nagmumula sa mga kasabihan ni Satanas, tulad ng, “Bawat tao para sa kanyang sarili at bahala na ang iba.” Ang mga salitang sinambit ng mga diyablong haring iyon, ng matatayog, at ng mga pilosopo sa lupa ay naging ang mismong buhay ng tao. Lalo na, karamihan sa mga salita ni Confucius, na ipinangangalandakan ng mga Chinese na isang “pantas,” ay naging buhay na ng tao. Mayroon ding mga bantog na kasabihan ng Buddhism at Taoism, at ang madalas-sipiin na mga klasikong kasabihan ng iba’t ibang tanyag na tao; lahat ng ito ay mga balangkas ng mga pilosopiya ni Satanas at kalikasan ni Satanas. Ang mga ito rin ang pinakamahusay na paglalarawan at paliwanag tungkol sa kalikasan ni Satanas. Ang mga lason na ito na naipasok sa puso ng tao ay nagmumulang lahat kay Satanas; ni katiting ay walang nagmumula sa Diyos. Ang mga malademonyong salita na iyon ay diretsahan ding kumokontra sa salita ng Diyos. Napakalinaw na ang mga realidad ng lahat ng positibong bagay ay nagmumula sa Diyos, at lahat ng negatibong bagay na iyon na lumalason sa tao ay nagmumula kay Satanas. Samakatuwid,

natatalos mo ang kalikasan ng isang tao at kung kanino siya kabilang mula sa pagtingin niya sa buhay at mga pinahahalagahan. Ginagawang tiwali ni Satanas ang mga tao sa pamamagitan ng edukasyon at impluwensya ng mga pambansang pamahalaan at ng mga sikat at dakila. Ang kanilang mga malademonyong salita ay naging buhay kalikasan na ng tao. Ang “Bawat tao para sa kanyang sarili at bahala na ang iba” ay isang sikat na mala-satanas na kasabihan na naikintal na sa lahat at iyan ay naging buhay na ng tao. May iba pang salita ng pilosopiya para sa pamumuhay na katulad rin nito. Ginagamit ni Satanas ang mainam na tradisyunal na kultura ng bawa’t bayan para turuan ang mga tao, nagsasanhi sa sangkatauhan na mahulog at masadlak sa isang walang-hanggang bangin ng pagkawasak, at sa huli ay winawasak ng Diyos ang tao dahil naglilingkod sila kay Satanas at nilalabanan ang Diyos. Isipin na kunwari’y itinatanong mo ito sa isang tao na maraming taon nang aktibo sa lipunan, “Ipagpalagay nang nabubuhay ka na sa mundo at napakarami mo nang nagawa, anong mga bantog na kasabihan ang batayan mo sa buhay?” Maaaring sabihin niya, “Ang pinakamahalaga ay ‘Hindi gagalawin ng mga opisyal ang mga sipsip sa kanila, at ang mga hindi nambobola ay walang mapapala.’” Hindi ba kumakatawan ang mga salitang ito sa kanyang likas na pagkatao? Naging kalikasan na niya ang walang-pakundangang paggamit ng anumang paraan para makakuha ng katungkulan, at ang pagiging opisyal ang nagbibigay-buhay sa kanya. Marami pa ring mala-satanas na lason sa buhay ng mga tao, sa kanilang pag-uugali at asal; halos wala man lamang silang taglay na katotohanan. Halimbawa, ang mga pilosopiya nila sa pamumuhay, ang kanilang mga paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay, at kanilang mga kasabihan ay pawang puno ng mga lason ng malaking pulang dragon, at lahat ng ito ay galing kay Satanas. Kaya, lahat ng dumadaloy sa mga buto at dugo ng mga tao ay pawang kay Satanas. Lahat ng opisyal na iyon, na may kapangyarihan, at yaong mga nagtatagumpay ay may sarili nilang landas at lihim sa tagumpay. Hindi ba lubos na kumakatawan ang mga lihim na iyon sa kanilang likas na pagkatao? Napakalaki ng mga nagawa nila sa mundo, at walang sinumang

nakakaaninag sa mga pakana at intrigang nasa likod ng mga iyon. Nagpapakita ito na lubhang masama at makamandag ang kanilang likas na pagkatao. Labis nang nagawang tiwali ni Satanas ang sangkatauhan. Ang kamandag ni Satanas ay dumadaloy sa dugo ng bawat tao, at makikita na ang kalikasan ng tao ay tiwali, masama, at radikal, puno ng at lubos na nakalubog sa mga pilosopiya ni Satanas—ito, sa kabuuan nito, ay isang likas na pagkatao na nagtataksil sa Diyos. Ito ang dahilan kaya nilalabanan at sinasalungat ng mga tao ang Diyos.

Hinango mula sa “Paano Malalaman ang Kalikasan ng Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Hangga’t hindi nararanasan ng mga tao ang gawain ng Diyos at natatamo ang katotohanan, ang likas na pagkatao ni Satanas ang namamahala at nagdodomina sa kanilang kalooban. Ano ba ang partikular na nakapaloob sa likas na pagkataong iyon? Halimbawa, bakit ka makasarili? Bakit mo pinoprotektahan ang sarili mong katungkulan? Bakit ka mayroong gayon katinding mga damdamin? Bakit ka nasisiyahan sa mga di-matutuwid na bagay na iyon? Bakit gusto mo ang mga kasamaang iyon? Ano ang batayan ng pagkahilig mo sa mga ganoong bagay? Saan nagmumula ang mga bagay na ito? Bakit ka masayang-masaya na tanggapin ang mga ito? Sa ngayon, naunawaan na ninyong lahat na ang pangunahing dahilan sa likod ng lahat ng bagay na ito ay dahil nasa kalooban mo ang lason ni Satanas. Tungkol naman sa kung ano ang lason ni Satanas, lubos itong maipapahayag sa mga salita. Halimbawa, kung tatanungin mo ang ilang masamang tao kung bakit sila gumawa ng kasamaan, sasagot sila: “Dahil ang bawat tao ay para sa kanyang sarili, at bahala na ang iba.” Ipinahahayag ng nag-iisang pariralang ito ang pinakaugat ng problema. Ang lohika ni Satanas ay naging buhay na ng mga tao. Maaari silang gumawa ng mga bagay-bagay para sa ganito at ganoong layunin, ngunit ginagawa lamang nila iyon para sa kanilang sarili. Iniisip ng lahat ng tao na dahil ang bawat tao ay para sa kanyang sarili at bahala na ang iba, dapat mabuhay ang mga tao para sa sarili nilang

kapakanan, at gawin ang lahat ng makakaya nila para magkaroon ng magandang posisyon alang-alang sa pagkain at marangyang pananamit. “Bawat tao para sa kanyang sarili at bahala na ang iba”—ito ang buhay at ang pilosopiya ng tao, at kinakatawan din nito ang likas na pagkatao. Ang mga salitang ito ang mismong lason ni Satanas, at kapag isinapuso ito ng mga tao, nagiging kalikasan na nila ito. Ang kalikasan ni Satanas ay inilalantad sa pamamagitan ng mga salitang ito; lubos itong kinakatawan ng mga ito. Ang lasong ito ay nagiging buhay ng mga tao at nagiging pundasyon din nila sa buhay, at ang sangkatauhang ginawang tiwali ay patuloy nang pinangingibabawan ng lasong ito sa loob ng libu-libong taon. Lahat ng ginagawa ni Satanas ay para sa sarili nito. Nais nitong higitan ang Diyos, makalaya sa Kanya, at maging makapangyarihan, at angkinin ang lahat ng nilikha ng Diyos. Samakatuwid, ang likas na katangian ng tao ay likas na katangian ni Satanas. Sa katunayan, marami sa mga kasabihan ng mga tao ay maaaring kumatawan at sumalamin sa kanilang kalikasan. Paano man tangkain ng mga tao na ipagbalatkayo ang kanilang sarili, sa lahat ng ginagawa at sinasabi nila, hindi nila maikukubli kung sino sila. May ilang hindi kailanman nagsasabi ng katotohanan at magaling magkunwari, ngunit kapag matagal-tagal na silang nakasalamuha ng ibang tao, ang kanilang mapanlinlang na kalikasan at lubos na kawalan ng katapatan ay natutuklasan. Sa huli, dumarating ang ibang tao sa sumusunod nakonklusyon: Hindi kailanman nagsasabi nang totoo ang taong ito, at siya ay mapanlinlang. Kinakatawan ng pahayag na ito ang kalikasan ng gayong tao; ito ang pinakamagandang paglalarawan at patunay ng kanilang kalikasang diwa. Ang pilosopiya nila sa pamumuhay ay huwag magsabi ng katotohanan kaninuman, at huwag ding maniwala kaninuman. Nagtataglay ang satanikong kalikasan ng tao ng ganito kadaming pilosopiya. Kung minsan ikaw mismo ay hindi ito namamalayan at hindi ito nauunawaan, subalit bawat sandali ng iyong buhay ay batay rito. Bukod pa riyan, iniisip mo na ang pilosopiyang ito ay lubhang tama at makatwiran, at hindi talaga mali. Sapat na ito para ipakita na naging kalikasan na ng mga tao ang pilosopiya ni Satanas, at lubos na naaayon ang pamumuhay nila dito, at

hindi naghihimagsik laban dito ni katiting. Samakatuwid, palagi silang nagpapakita ng kanilang satanikong kalikasan, at sa lahat ng aspeto, palagi silang nabubuhay ayon sa pilosopiya ni Satanas. Ang kalikasan ni Satanas ay buhay ng sangkatauhan.

Hinango mula sa “Paano Lakaran Ang Landas ni Pedro” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang maladamonyong mga tao ay yaong mga hindi isinasagawa ang katotohanan; paglaban at pagsuway sa Diyos ang diwa nila, at wala silang bahagya mang layon na magpasakop sa Kanya. Wawasakin ang lahat ng gayong tao. Nakasalalay sa iyong diwa, hindi sa iyong kaanyuan o kung paano ka magsalita o umasal paminsan-minsan, kung taglay mo ang katotohanan o kung lumalaban ka sa Diyos. Natutukoy sa diwa ng tao kung siya ba ay wawasakin o hindi; pinagpapasyahan ito ayon sa diwang inihahayag ng asal ng isang tao at ang pagtataguyod ng isang tao sa katotohanan. Sa mga taong magkakatulad sa isa’t isa sa kanilang gawain, at gumagawa ng magkakasingdaming gawain, yaong mga mabubuti ang pantaong diwa at nagtataglay ng katotohanan ay ang mga taong tutulutang manatili, habang yaong masasama ang pantaong diwa at sumusuway sa nakikitang Diyos ay yaong mga magiging pakay ng pagkawasak. Ang lahat ng gawain o mga salita ng Diyos na kaugnay sa hantungan ng sangkatauhan ay angkop na iwawasto sa mga tao ayon sa diwa ng bawat isa; walang magaganap na bahagya mang kamalian, at walang magagawang isa mang pagkakamali. Tuwing gumagawa lamang ng gawain ang mga tao na nahahaluan ito ng damdamin at kahulugan. Pinakaangkop ang gawaing ginagawa ng Diyos; lubusan Siyang hindi naglalabas ng mga maling paratang laban sa sinumang nilalang. Maraming tao sa kasalukuyan ang hindi nagagawang mahiwatigan ang hantungan ng sangkatauhan sa hinaharap at hindi naniniwala sa mga salitang binibigkas Ko. Lahat ng yaong hindi naniniwala, gayundin ang mga hindi nagsasagawa ng katotohanan, ay mga demonyo!

Hinango mula sa “Papasok sa Pahinga ang Diyos at ang Tao Nang Magkasama” sa Ang Salita

VI. Ang mga Prinsipyo ng Pagsasabuhay ng Normal na Pagkatao

121. Ang mga Prinsipyo ng Pagsasabuhay ng Normal na Pagkatao

(1) Kinakailangan maintindihan ang pagkakaiba sa pagitan ng normal na katauhan at mga pagpapahayag ng katiwalian, at matutuhang gamitin ang katotohanan upang baguhin ang bawat uri ng pagpapahayag ng katiwalian. Sa gayon lamang maaaring mabuhay ng normal na katauhan;

(2) Kinakailangang sanayin ang sarili sa lahat ng panahon na maging matapat na tao, at magsalita at kumilos nang totoo, sa halip na bumaling sa panlilinlang at pagbabalatkayo. Pag-aralang isagawa ang katotohanan at kumilos alinsunod sa mga prinsipyo;

(3) Makipag-ugnayan nang may pagmamahal sa iba. Magkaroon ng kakayahan sa pagpaparaya at pagpapasensya, at pag-unawa at paggalang. Tulungan at suportahan ang bawat isa. Huwag masyadong maging mapamintas sa iba, sa halip ay tratuhin sila nang patas;

(4) Kinakailangang hanapin ang katotohanan sa lahat ng bagay. Sa gayon lamang maiiwan ang laman at maisasagawa ang katotohanan. Higit pa rito, dapat magtiyaga sa hangaring magmahal at magpasakop sa Diyos, at gampanan ang kanilang tungkulin nang mabuti at matapat.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Nilikha ng Diyos ang sangkatauhan at inilagay sila sa lupa, at inakay Niya sila magmula noon. Sila ay iniligtas Niya pagkaraan at nagsilbi bilang isang handog para sa kasalanan para sa sangkatauhan. Sa katapusan, dapat pa rin Niyang lupigin ang sangkatauhan, ganap na iligtas ang mga tao, at ibalik sila sa kanilang unang wangis. Ito ang gawaing sinangkutan Niya sa simula pa lamang—ang pagpapanumbalik sa sangkatauhan sa una nitong larawan at wangis. Itatatag ng Diyos ang kaharian Niya at

ipanunumbalik ang unang wangis ng mga tao, na nangangahulugang ipapanumbalik ng Diyos ang awtoridad Niya sa lupa at sa gitna ng lahat ng sangnilikha. Naiwala ng sangkatauhan ang puso nilang may takot sa Diyos gayundin ang tungkuling nasa pananagutan ng mga nilalang ng Diyos matapos gawing tiwali ni Satanas, kaya't naging isang kaaway na masuwayin sa Diyos. Namuhay pagkaraan ang sangkatauhan sa ilalim ng nasasakupan ni Satanas at sinunod ang mga utos ni Satanas; sa gayon, walang paraan ang Diyos upang gumawa sa gitna ng mga nilikha Niya, at lalong hindi nagawang pagwagian ang kanilang natatakot na pagpipitagan. Ang mga tao ay nilikha ng Diyos, at dapat sumamba sa Diyos, ngunit totoong tinalikuran nila Siya at sa halip ay sumamba kay Satanas. Naging diyos-diyosan si Satanas sa kanilang mga puso. Sa gayon, nawalan ang Diyos ng katayuan sa kanilang mga puso, na ang ibig sabihin ay nawalan Siya ng kahulugan sa likod ng paglikha Niya sa sangkatauhan. Samakatuwid, upang mapanumbalik ang kahulugan sa likod ng paglikha Niya sa sangkatauhan, dapat Niyang maipanumbalik ang una nilang wangis at tanggalan ang sangkatauhan ng kanilang tiwaling disposisyon. Upang mabawi ang mga tao mula kay Satanas, dapat Niyang iligtas sila mula sa kasalanan. Tanging sa ganitong paraan Niya unti-unting maipanunumbalik ang una nilang wangis at tungkulin, at sa wakas, ay mapanunumbalik ang kaharian Niya.

Hinango mula sa "Papasok sa Pahinga ang Diyos at ang Tao Nang Magkasama" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang ugat ng pagsalungat at pagiging mapanghimagsik ng tao laban sa Diyos ay ang kanyang katiwalian sa pamamagitan ni Satanas. Dahil sa katiwalian ni Satanas, naging manhid ang konsensiya ng tao; imoral siya, masama ang kanyang mga saloobin, at paurong ang kanyang pangkaisipang pananaw. Bago siya ginawang tiwali ni Satanas, likas na tumatalima sa Diyos ang tao at sumusunod sa Kanyang mga salita pagkatapos marinig ang mga ito. Siya ay likas na may maayos na katinuan at konsensiya, at may normal na pagkatao. Matapos gawing tiwali ni

Satanas, pumurol at pinahina ni Satanas ang orihinal na katinuan, konsensiya, at pagkatao ng tao. Sa gayon, nawala niya ang kanyang pagkamasunurin at pag-ibig sa Diyos. Nalihis ang katinuan ng tao, naging katulad na ng sa hayop ang kanyang disposisyon, at nagiging mas madalas at mas matindi ang kanyang pagiging mapanghimagsik sa Diyos. Nguni't hindi pa rin ito batid ni kinikilala ng tao, at basta na lamang siyang sumasalungat at naghihimagsik. Ibinubunyag ng mga pagpapahayag ng kanyang katinuan, kaunawaan, at konsensiya ang disposisyon ng tao; dahil wala sa ayos ang kanyang katinuan at kaunawaan, at sukdulan nang pumurol ang kanyang konsensiya, kaya mapanghimagsik laban sa Diyos ang kanyang disposisyon. Kung hindi mababago ang katinuan at pananaw ng tao, hindi posible ang mga pagbabago sa kanyang disposisyon, at ganoon din ang pagsunod sa kalooban ng Diyos. Kung hindi maayos ang katinuan ng tao, hindi niya maaaring paglingkuran ang Diyos at hindi siya akmang gamitin ng Diyos. Tumutukoy "ang normal na katinuan" sa pagsunod at pagiging tapat sa Diyos, sa paghahangad sa Diyos, sa pagiging ganap tungo sa Diyos, at sa pagkakaroon ng konsensiya tungo sa Diyos. Tumutukoy ito sa pagiging isa sa puso at isip tungo sa Diyos, at hindi pasadyang lumalaban sa Diyos. Hindi ganito ang pagkakaroon ng lihis na katinuan. Mula noong ginawang tiwali ni Satanas ang tao, nakabuo na siya ng mga haka-haka ukol sa Diyos, at wala siyang katapatan sa Diyos o paghahangad sa Kanya, at lalo na ang pagkakaroon ng konsensiya tungo sa Diyos. Sadyang sinasalungat at hinahatulan ng tao ang Diyos, at, bukod pa riyan, pumupukol sa Kanya ng mga pagtuligsa sa Kanyang likuran. Hinahatulan ng tao ang Diyos nang patalikod, nang may malinaw na kaalamang Siya ang Diyos; walang intensiyon ang tao na sundin ang Diyos, at gumagawa lamang ng mga bulag na kahilingan at pakiusap sa Kanya. Ang gayong mga tao—mga taong may lihis na katinuan—ay walang kakayahang makilala ang sarili nilang pag-uugaling kasuklam-suklam o ang pagsisihan ang kanilang pagiging mapanghimagsik. Kung may kakayahan ang mga taong makilala ang mga sarili nila, bahagya nilang nabawi na ang kanilang katinuan; habang mas

naghihimagsik sa Diyos ang mga taong hindi pa nakakikilala sa mga sarili nila, mas wala sa ayos ang kanilang katinuan.

Hinango mula sa “Ang Hindi Pagbabago ng Disposisyon ay Pakikipag-alitan sa Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Anong mga aspeto ang kabilang sa normal na pagkatao? Kabatiran, pakiramdam, konsiyensya, at pag-uugali. Kung maaari kang magkamit ng normalidad sa bawat isa sa mga aspetong ito, magiging katanggap-tanggap ang iyong pagkatao. Dapat kang maging kawangis ng isang normal na tao, at dapat kang maging kamukha ng isang nananampalataya sa Diyos. Hindi mo kailangang gumawa ng napakarami, o makibahagi sa diplomasya; kailangan mo lamang maging isang normal na tao, na may pakiramdam ng isang normal na tao, para maunawaan ang mga bagay-bagay, at makamukha man lamang ng isang normal na tao. Sapat na iyon. Lahat ng kinakailangan sa iyo ngayon ay naaayon sa iyong mga kakayahan; hindi ito pagtatangkang padapuin ang isang pato sa isang dapuan. Walang mga salita o gawaing walang kabuluhan na isasagawa sa iyo. Lahat ng kapangitang ipinahayag o ibinunyag sa iyong buhay ay kailangang maalis. Nagawa kayong tiwali ni Satanas at umaapaw sa inyo ang lason ni Satanas. Ang tanging hinihiling sa iyo ay alisin ang tiwali at napakasamang disposisyong ito. Hindi ka hinihilingang maging isang taong may mataas na ranggo, o isang sikat o dakilang tao. Walang kabuluhan iyan. Ang gawaing ginawa sa inyo ay isinasaalang-alang ang likas sa inyo. Ang hinihingi Ko sa mga tao ay itinatakda ng mga hangganan. Kung nagsasagawa ka sa paraan at tono ng pagsasalita ng mga intelektuwal, hindi ito mangyayari; hindi mo ito magagawa. Ayon sa inyong kakayahan, dapat ay magawa man lamang ninyong magsalita nang may karunungan at maingat at ipaliwanag ang mga bagay-bagay nang malinaw at nauunawaan. Iyon lamang ang kailangan para makatugon sa mga kinakailangan. Kung, kahit paano, magtamo kayo ng kabatiran at pakiramdam, puwede na iyan. Ang pinakamahalaga ngayon mismo ay itakwil ang iyong tiwali at napakasamang disposisyon. Kailangan mong

itakwil ang kapangitang nakikita sa iyo. Paano ka magsasalita tungkol sa pinakadakilang pakiramdam at pinakadakilang kabatiran, kung hindi mo itatakwil ang mga ito? Maraming tao, nang makita na nagbago na ang kapanahunan, ang walang anumang kapakumbabaan o pasensya, at baka wala rin silang anumang pagmamahal o kagandahang-asal ng isang banal. Kakatwa ang ganitong mga tao! Mayroon man lamang ba silang kahit katiting na normal na pagkatao? Mayroon ba silang anumang patotoong maibabahagi? Lubos silang walang kabatiran o pakiramdam. Mangyari pa, kailangang itama ang ilang aspeto ng pagsasagawa ng mga tao na lihis at mali; ang dati nilang mahigpit na espirituwal na buhay at hindi kanais-nais na anyo, halimbawa—lahat ng ito ay kailangang baguhin. Ang pagbabago ay hindi nangangahulugan na hahayaan kang magpakasama o magpasasa sa laman, na sinasabi ang anumang naisin mo. Hindi ka dapat magsalita nang basta-basta. Ang magkaroon ng pananalita at tikas ng isang normal na tao ay ang magsalita nang may pagkakaugnay-ugnay, na sinasabing “oo” kapag “oo” ang ibig mong sabihin, at “hindi” kapag “hindi” ang ibig mong sabihin. Sabihin ang totoo at magsalita nang angkop. Huwag manloko, huwag magsinungaling. Kailangang maunawaan ang mga limitasyong maaaring maabot ng isang normal na tao tungkol sa pagbabago ng disposisyon. Kung hindi, hindi ka makakapasok sa realidad.

Hinango mula sa “Ang Pagpapataas ng Antas ng Kakayahan ay Alang-alang sa Pagtanggap ng Pagliligtas ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Walang kabuktutan o panlilinlang sa mga disposisyon ng normal na mga tao, normal ang relasyon ng mga tao sa isa’t isa, hindi sila nag-iisa, at ang kanilang buhay ay hindi karaniwan ni bulok. Gayundin naman, dinadakila ang Diyos sa lahat; ang Kanyang mga salita ay lumalaganap sa tao, namumuhay ang mga tao nang payapa sa piling ng isa’t isa at sa pangangalaga at proteksyon ng Diyos, ang lupa ay puspos ng pagkakasundo, na walang panghihimasok ni Satanas, at ang kaluwalhatian ng Diyos ang itinuturing na pinakamahalaga sa tao. Ang gayong mga tao ay parang mga anghel: dalisay, masigla, hindi kailanman nagrereklamo

tungkol sa Diyos, at inilalaan ang lahat ng pagsisikap nila para lamang sa kaluwalhatian ng Diyos sa lupa.

Hinango mula sa “Kabanata 16” ng Mga Pakahulugan sa mga Hiwaga ng mga Salita ng Diyos sa Buong Sansinukob sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Dapat ninyong malamang gusto ng Diyos yaong mga tapat. Sa diwa, matapat ang Diyos, at kaya naman palaging mapagkakatiwalaan ang mga salita Niya; higit pa rito, walang mali at hindi mapag-aalinlanganan ang mga kilos Niya, kung kaya gusto ng Diyos yaong mga lubos na tapat sa Kanya. Ang katapatan ay nangangahulugang pagbibigay ng puso mo sa Diyos, pagiging wagas sa Diyos sa lahat ng mga bagay, pagiging bukas sa Kanya sa lahat ng mga bagay, hindi pagtatago kailanman ng katotohanan, hindi pagsusubok na malinlang yaong mga nasa itaas at nasa ibaba mo, at hindi paggawa ng mga bagay upang manuyo lamang sa Diyos. Sa madaling salita, ang pagiging tapat ay pagiging dalisay sa mga kilos at mga salita mo, at hindi paglilinlang sa Diyos o sa tao. … Kung tadtad ng mga palusot at walang halagang mga pangangatwiran ang mga salita mo, sinasabi Kong isa kang taong kinasusuklamang isagawa ang katotohanan. Kung marami kang mga nakatagong kaalamang atubili kang ibahagi, kung lubos kang tutol na ilantad ang mga lihim mo—ang mga paghihirap mo—sa harap ng iba upang hanapin ang daan ng liwanag, sinasabi Kong isang kang taong hindi madaling matatamo ang kaligtasan, at hindi madaling makakaahon mula sa kadiliman. Kung nakalulugod sa iyong mabuti ang paghahanap sa daan ng katotohanan, isa kang taong palaging nananahan sa liwanag. Kung lubhang nagagalak kang maging isang tagapaglingkod sa tahanan ng Diyos, na gumagawa nang masigasig at matapat sa di-katanyagan, palaging nagbibigay at hindi kailanman kumukuha, sinasabi Kong isa kang tapat na banal, sapagkat hindi ka naghahanap ng gantimpala at nagsisikap lamang na maging tapat na tao. Kung handa kang maging matapat, kung handa kang gugulin ang lahat ng nasa iyo, kung kaya mong isakripisyo ang buhay mo para sa Diyos at tumayong matatag sa patotoo mo, kung tapat ka hanggang sa puntong pagbibigay-

kasiyahan lamang sa Diyos ang alam mo at hindi pagsaalang-alang ng sarili mo o pagkuha para sa sarili mo, sinasabi Kong ang ganitong mga tao ay yaong mga pinalulusog sa liwanag at siyang mabubuhay kailanman sa kaharian.

Hinango mula sa “Tatlong Paalaala” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Hindi masyadong pinipilit ng mga tao ang kanilang mga sarili, pero marami silang hinihingi sa Diyos. Hinihingi nila sa Kanya na maging napakabait sa kanila at maging matiisin at mapagtimpi sa kanila, itangi sila, pagkalooban sila, ngitian sila, at pangalagaan sila sa maraming paraan. Inaasahan nila na hindi Siya maging istrikto man lamang sa kanila o gawan ng anumang bagay na hindi nila magugustuhan, at nasisiyahan lamang kung kinakausap Niya nang malambing araw-araw. Ang mga tao’y napaka-hindi-makatuwiran! Hindi malinaw sa kanila kung ano ang dapat nilang gawin, kung ano ang dapat nilang tuparin, kung anong mga pananaw ang dapat nilang taglayin, kung anong posisyon ang dapat nilang panindigan upang paglingkuran ang Diyos, at kung anong posisyon ang angkop na paglagyan ng kanilang sarili. Ang mga taong may kaunting katayuan ay may napakataas na pagtingin sa kanilang sarili, nguni’t yaong walang katayuan ay bahagya ring mataas ang tingin sa kanilang sarili. Kailanma’y hindi nakikilala ng mga tao ang kanilang sarili. Dapat marating ang isang punto sa inyong paniniwala sa Diyos kung saan, paano man Siya magsalita sa inyo, gaano man Siya kahigpit, at gaano man Siya maaring hindi mamansin, nagagawa mo na manatiling naniniwala nang walang reklamo at patuloy na tinutupad ang tungkulin tulad ng dati. Sa gayon, ikaw ay magiging isang nasa gulang at makaranasang tao, at totoong magkakaroon ng kaunting tayog at kaunting katinuan ng isang normal na tao. Hindi hihingi sa Diyos, hindi na magkakaroon pa ng labis-labis na mga pagnanasa, at hindi na hihiling pa sa iba o sa Diyos ayon sa sariling kagustuhan at di-kagustuhan. Ipakikita nito na sa ano’t anuman, taglay ninyo ang wangis ng isang tao.

Hinango mula sa “Ang Mga Taong Gumagawa ng Palagiang Paghingi sa Diyos ang Pinaka-

Sa tuwing ang tao ay nagbubunyag ng tiwaling disposisyon o tiwaling kaisipan at mga ideya, hindi ito maliit na bagay. Kung hindi mo hahanapin ang katotohanan upang maituwid ang mga ito, magiging imposibleng linisin ang mga katiwaliang ito. Kung sa kabilang dako, kaya mong hanapin ang katotohanan nang may katwiran, kung magkagayon ay madali mong makikita ang ugat ng iyong pagkakamali at lutasin ang isyu sa mga pagpapahayag ng iyong katiwalian. Habang ikaw ay lumalago sa iyong kakayahang pumasok sa iyong espiritu upang maghintay at maghanap, higit na magiging madaling makakita ng mga nauugnay na talata ng mga salita ng Diyos upang maunawaan ang diwa ng suliranin. Sa pamamagitan nito, ang paghahayag mo ng katiwalian ay mababawasan nang mababawasan, at ang iyong pagkamaykatuwiran ay lalong magiging normal—at kapag mas normal ang pagkamaykatuwiran ng isang tao, lalo silang kumikilos sa loob ng mga hangganan, at hindi na nagsasalita o kumikilos ayon sa kanilang mga kuru-kuro at guni-guni. Ano ang kahulugan ng “kumilos sa loob ng mga hangganan”? Nangangahulugan ito ng pagkilos sa paraan na naaayon sa pamantayan ng karaniwang pagkatao, sa kani-kaniyang konsiyensya, sa pamantayan ng mga hinihingi ng Diyos, at sa mga prinsipyo ng katotohanan. Kung sa mismong pagkakataon na ikaw ay napukaw na kumilos, hindi ka nag-isip nang malalim at sa halip ay ikinumpas ang iyong mga kamay at sinabing, “Gawin na lamang ito sa ganyang paraan. Magiging ayos lang iyan!” kung gayon ikaw ba ay kumikilos nang mayroong sapat na normal na pagkatao? Mayroon bang pagpapahayag ng normal na pagkatao dito? Ito ang mga pagpapapahayag na hindi dapat taglayin ng normal na pagkatao. Samakatuwid, ano mang uri ng isyu ang dumating sa iyo, kinakailangan mo munang pumayapa at pagbulayan ito, humarap sa Diyos, pumasok sa iyong espiritu, at maging tahimik—unang hanapin sa Diyos kung paano dapat gawin ang bagay na ito at kung paano ito dapat talakayin. Nangangailangan ba ito ng maraming panahon? Hindi. Napapaloob sa normal na pagkatao ang ganitong

makatwirang mga bagay, at nakakayanan ng mga tao na pigilan ang kanilang sarili upang makamit ang mga ito; ang desisyong gawin ito ay nakasalalay sa kahandaan nilang magsanay sa ganitong paraan. Kung nais mo na palaging magpakitang-gilas, parating magmataas at iparada ang iyong sarili, maging isang idolo sa puso ng iba at maitatag ang iyong sariling imahe doon, ikaw ay palaging kikilos nang padalus-dalos; hindi ka kailanman makalalapit sa Diyos o makapapasok sa iyong espiritu. Kung nais mo na palaging gawin ang mga bagay-bagay sa iyong sariling kaparaanan, at kung noong ginawa mo ito ay palagi mong iniisip na nakagawa ka ng isang bagay na may malaking halaga o kaya'y may natupad kang dakilang gawain, na ikaw ay lubhang talentado at di tulad ng ordinaryong tao, nangangahulugan ito na hindi ka lumalakad sa tamang landas. Ang iyong puso ay dapat na maging tahimik sa lahat ng oras at kapag may nakaharap kang isyu, hindi ka dapat mairita at magmatigas o kumilos nang padalus-dalos. Huwag kang maging mapagpanggap o bulaan, kundi matutong manahimik at kumilos ng makatuwiran. Ito ang mga paraan na dapat ipamalas ang normal na pagkatao.

Hinango mula sa "Ang Landas sa Pagtutuwid ng Tiwaling Disposisyon" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kapag hindi nauunawaan ng isang tao ang katotohanan, ang laki ng papel ng kanyang konsiyensya ay nakadepende sa kung ano ang kanyang pagkatao. Kung ang ilang tao ay gumagawa ng mga bagay nang hindi nauunawaan ang katotohanan ngunit hindi kumikilos alinsunod sa konsensiya upang hindi ninyo makita ang anumang bahagi kung saan ang kanyang ginagawa ay nagpapakita ng pagsasaalang-alang para sa layunin ng Diyos ni nakikita ninyo ang anumang bahagi ng kanyang puso na gumagalang sa Diyos—kung hindi ninyo nakikita ang mga ito, kung gayon nagtataglay ba ng isang konsensiya ang taong ito? Ang taong ito ay hindi isang tao na mayroong konsensiya. Nagtataglay ba ng pagkatao ang gayong tao? (Hindi.) Kung gayon anong uri ng tao ang ganito? Ang wastong kahulugan ay walang taglay na pagkatao ang ganitong uri ng tao

at nahulog sa pinakamababang pamantayan ng sangkatauhan. Wala siyang konsensiya, at ginagawa niya ang mga bagay hindi alinsunod sa katuwiran ni alinsunod sa konsensiya. Sinasabi ng ilan, “Napakaraming mga katotohanan ang hindi ko maunawaan. Hindi ko alam kung ano ang tamang bagay na gagawin, at hindi ko pa naunawaang lubos ang mga pamantayan.” Ano ang dapat gawin, kung gayon? Ang pinakamababang pamantayan ay yaong kailangang kumilos ang isa alinsunod sa konsensiya. Paano kumikilos ang isa alinsunod sa konsensiya? Ang mga detalye ng pagsunod sa konsensiya ay yaong kapag ang isang tao ay kumikilos, dapat niyang gawin ang gayon sa panghahawak sa isang tunay na puso at mamuhay ayon sa pagbibigay ng Diyos sa buhay na ito at pagkakataon para sa pagkakamit ng kaligtasan. Hindi ba ito ang gampanin ng konsensiya? Sa sandaling taglay mo ang karaniwang saligan na ito nakamit mo na ang pagsasanggalang, at sa gayon ay hindi ka kaagad-agad gagawa ng mga bagay upang suwayin ang Diyos o magpapabaya sa iyong pananagutan? Sa gayon hindi ka basta magpapatianod o magiging mapanlinlang, at hindi ka madaling mahuhulog sa pagpapakana para sa iyong sariling katayuan, katanyagan, pakinabang, at kinabukasan—ito ang papel na ginagampanan ng konsensiya. Ang pinakapangunahin at pinakamahalagang mga bahagi ng pagkatao ng sinuman ay ang konsiyensya at katwiran. Anong klaseng tao ang isang taong walang konsiyensya at walang katwiran ng normal na pagkatao? Sa pangkalahatan, siya ay isang taong walang pagkatao, isang taong masama ang pagkatao.

Hinango mula sa “Ipagkaloob ang Iyong Tunay na Puso sa Diyos, at Makakamit Mo ang Katotohanan” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung hindi pa ninyo nahahanap ang damdamin at ang mga prinsipyo ng pagiging isang banal, pinatutunayan nitong ang inyong pagpasok sa buhay ay masyadong mababaw, at na hindi pa ninyo nauunawaan ang katotohanan. Sa inyong pag-uugali at kapaligiran kung saan kayo namumuhay araw-araw, hinihingi nito sa inyong lumasap at magnilay,

makisalamuha sa isa’t isa, palakasin ang loob ng isa’t isa, panatilihing alisto ang isa’t isa, tulungan at alagaan ang isa’t isa, at mag-alalayan at magbigayan sa isa’t isa. Huwag laging magtuon sa pagkakamali ng iba, ngunit magnilay sa inyong sarili nang madalas, at pagkatapos ay maging handa sa pag-amin sa kapwa kung ano ang nagawa ninyo na nagsanhi sa pagkagambala o kapinsalaan sa kanila. Matuto kayong buksan ang inyong sarili at makisalamuha, at madalas na makipagtalakayan kung paano makikisalamuha sa praktikal na paraan batay sa mga salita ng Diyos. Kapag ang kapaligiran ng inyong mga buhay ay madalas na ganito, ang mga ugnayan sa pagitan ng mga magkakapatid ay nagiging normal—hindi masalimuot, walang pakialam, malamig, o malupit gaya ng mga ugnayan sa pagitan ng mga hindi mananampalataya. Unti-unti ninyong tatanggalan ang inyong mga sarili ng ganyang mga ugnayan. Nagiging mas malapit at magkapalagayang-loob ang magkakapatid sa isa’t isa; nagagawa ninyong tulungan ang isa’t isa, at mahalin ang isa’t isa; mayroong mabuting kalooban sa inyong mga puso, o mayroon kayong kaisipan na nagagamit ninyo upang makapagpaubaya at mahabag sa isa’t isa, at tinutulungan at inaalagaan ninyo ang isa’t isa, kaysa sa isang kalagayan at kaugalian kung saan kayo ay nag-aawayan, nagyuyurakan, nagkakaselosan, nakikisali sa lihim na pakikipagtagisan, nagkikimkim ng mga panunuya o panghahamak sa isa’t isa, o kung saan ay walang sumusunod kaninuman. Ang pamumuhay sa ganoong mga kalagayan o mga pangyayari ay lumilikha ng isang napakahirap na ugnayan sa pagitan ng mga tao. Hindi lamang ito lumilikha ng lahat ng klase ng negatibong impluwensya sa iyo at nakapananakit sa iyo, kundi negatibo ring naiimpluwensyahan at nasasaktan ang iba sa magkakaibang antas. Napakahirap, sa pangkalahatan, para sa mga taong mapagtagumpayan ito—nagagalit ka kapag mali ang tingin sa iyo ng iba, o kapag may sinasabi silang hindi naaayon sa iyong kalooban, at kapag may ginagawa ang isang tao na pumipigil sa iyo na maipakita ang kaya mong gawin, naghihinanakit ka sa kanila, at ikaw ay hindi mapalagay at hindi masaya, at ang naiisip mo lamang ay kung paano maibabalik ang reputasyon mo. Partikular na

walang kakayahan ang mga kababaihan at kabataan na pagtagumpayan ito. Lagi silang naiipit sa ganitong mga makikitid na disposisyon, mga pag-aalburoto, mga makikitid na damdamin, at mahirap para sa kanila na humarap sa Diyos. Naiipit sa buhol-buhol at masalimuot na tila sapot na ugnayang nakapulupot sa kanila, mahirap para sa mga taong manahimik sa harap ng Diyos, at manahimik sa mga salita ng Diyos. Kung gayon, dapat na matutunan mo muna kung paano makisama nang maayos sa iyong mga kapatid. Dapat kayong maging mapagparaya sa isa't isa, maluwag sa isa't isa, makita kung ano ang natatangi sa isa't isa, kung ano ang kalakasan ng isa't isa—at dapat kayong matutong tanggapin ang pananaw ng iba, at balikan ang nasa kaibuturan ng inyong sarili upang magsagawa ng pagmumuni-muni sa sarili at magtamo ng kaalaman tungkol sa sarili. Huwag mong bigyang-layaw ang sarili mo, o palayain ang iyong mga ambisyon, mga pagnanasa, o ang iyong mga kahinaan, at pilitin ang ibang makinig sa iyo, gawin ang sinasabi mo, humanga sa iyo, at iangat ka, samantalang hindi inaalintana ang kalakasan ng iba habang pinalalala at pinalalaki ang kanilang mga pagkukulang nang walang pagpipigil, sa lahat ng dako ay isinasapubliko, minamaliit at hinahamak ang kanilang mga pagkukulang, o gumagamit ng mga salita at iba pang mga mga paraan upang saktan at yamutin ang kapwa, nang magawa mo na sila ay sumunod sa iyo, makinig sa iyo, matakot sa iyo, at pagtaguan ka. Nais ba ninyong makitang magkaroon ng o umiral ang ganoong ugnayan sa pagitan ng mga tao? Nais ba ninyong maramdaman ang ganoon?

Hinango mula sa "Ang Pinakamahalagang Prinsipyo para sa Pagsasagawa ng Pagpasok sa Katotohanang Realidad" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Upang mapanumbalik ang wangis ng isang normal na tao, iyon ay, upang magkaroon ng normal na pagkatao, hindi basta na lamang mapapalugod ng mga tao ang Diyos gamit ang kanilang mga salita. Pinipinsala lamang nila ang kanilang sarili sa paggawa nito, at wala itong dalang pakinabang sa kanilang pagpasok o pagbabago. Samakatuwid, upang matamo ang pagbabago, dapat magsagawa nang paunti-unti ang

mga tao. Kailangang pumasok sila nang dahan-dahan, maghanap at magsaliksik nang paunti-unti, pumasok mula sa positibo, at isabuhay ang isang praktikal na buhay ng katotohanan; ang buhay ng isang banal. Pagkatapos noon, ang mga tunay na bagay, pangyayari, at kapaligiran ay tutulutan ang mga tao na magkaroon ng praktikal na pagsasanay. Hindi nila kinakailangang magsalita nang mapagkunwari; sa halip, kinakailangan nilang magsanay sa tunay na mga kapaligiran. Nauunawaan muna ng mga tao na mahina ang kanilang kakayahan, at pagkatapos ay normal na nilang kinakain at iniinom ang mga salita ng Diyos, at pumapasok sila at normal ding nagsasagawa; sa paraang ito lamang sila makapagtatamo ng realidad, at ganito lalong mapapabilis ang pagpasok. Upang baguhin ang mga tao, dapat magkaroon ng kaunting praktikalidad; dapat silang magsanay sa mga tunay na bagay, pangyayari, at kapaligiran. Maaari bang matamo ang tunay na pagsasanay kung aasa lamang sa buhay iglesia? Makakapasok ba ang mga tao sa realidad sa pamamagitan lang nito? Hindi! Kung hindi makakapasok ang mga tao sa tunay na buhay, hindi rin nila mababago ang dati nilang pamumuhay at mga pamamaraan ng paggawa sa mga bagay. Hindi ito dahil lamang sa katamaran ng mga tao at mataas na antas ng pagpapakandili, sa halip ito ay dahil wala talagang kakayahan ang mga tao para mabuhay, at bukod pa rito, wala silang pagkaunawa sa pamantayan ng Diyos sa wangis ng isang normal na tao. Noong una, palaging nag-uusap, nagsasalita, at nagtatalastasan ang mga tao—at sila ay naging “mga mananalumpati” pa—ngunit walang sinuman sa kanila ang naghangad ng pagbabago sa disposisyon sa buhay; sa halip, naghanap lamang sila ng malalalim na teorya. Kaya, dapat baguhin ng mga tao ngayon ang ganitong relihiyosong paraan ng paniniwala sa Diyos sa kanilang buhay. Kinakailangang pumasok sila sa pagsasagawa sa pamamagitan ng pagtutuon sa isang pangyayari, isang bagay, isang tao. Dapat nila itong gawin nang may pagtutuon—sa gayon lamang sila magkakamit ng mga resulta. Ang pagbabago ng mga tao ay nagsisimula sa pagbabago ng kanilang diwa. Dapat ituon ang gawain sa diwa ng mga tao, sa kanilang buhay, sa kanilang katamaran, pagpapakandili, at

pagkaalipin—sa ganitong paraan lamang sila maaaring baguhin.

… Kung walang praktikal na mga bagay, maaari lamang magtamo ang mga tao ng teoretikal at intelektuwal na pagkaunawa—hindi ito isang epektibong paraan para magbago. Kaya paano nagkakamit ng karunungan at kabatiran ang isang tao sa pamamagitan ng pagsasanay? Maaari bang magkamit ng karunungan at kabatiran ang mga tao mula lamang sa pakikinig, pagbabasa, at pagpapalago ng kanilang kaalaman? Paano ito maaaring mangyari? Kailangang maunawaan at maranasan ng mga tao ang tunay na pamumuhay! Samakatuwid, kailangang magsanay ang isang tao, at hindi niya maaaring lisanin ang tunay na pamumuhay. Kailangang bigyang-pansin ng mga tao ang iba't ibang aspeto at makapasok sa iba-ibang aspeto: antas ng edukasyon, pagpapahayag, kakayahang makita ang bagay-bagay, paghiwatig, kakayahang maunawaan ang mga salita ng Diyos, sentido kumon at mga panuntunan ng sangkatauhan, at iba pang mga bagay na may kaugnayan sa sangkatauhan na kailangang isangkap sa mga tao. Matapos magtamo ng pag-unawa, kailangang magtuon ang mga tao sa pagpasok, at saka lamang magkakaroon ng pagbabago. Kung nagkamit ng pag-unawa ang isang tao, subalit kinaliligtaan nilang magsagawa, paano magkakaroon ng pagbabago? Sa kasalukuyan, maraming nauunawaan ang mga tao, ngunit hindi nila isinasabuhay ang realidad; sa gayon, kakaunti ang taglay nilang makabuluhang pag-unawa sa mga salita ng Diyos. Bahagya ka pa lamang naliwanagan; nakatanggap ka na ng kaunting pagliliwanag mula sa Banal na Espiritu, subalit wala kang pagpasok sa tunay na pamumuhay—o maaaring wala ka man lamang pakialam tungkol sa pagpasok—sa gayon ay nabawasan ang iyong pagbabago. Pagkaraan ng napakahabang panahon, maraming nauunawaan ang mga tao. Nagagawa nilang magsalita nang husto tungkol sa kanilang kaalaman sa mga teorya, ngunit ganoon pa rin ang kanilang panlabas na disposisyon, at ganoon pa rin ang kanilang orihinal na kakayahan, walang pagsulong ni katiting. Kung ganito ang nangyayari, kailan ka makakapasok sa huli?

Hinango mula sa "Pagtalakay sa Buhay Iglesia at sa Tunay na Buhay" sa Ang Salita ay

Sa kanilang tunay na mga karanasan, ang mga taong may katotohanan ay yaong mga makakayang manindigan sa kanilang patotoo, manindigan sa kanilang kalagayan, tumayo sa panig ng Diyos, nang hinding-hindi umaatras, at magkaroon ng normal na ugnayan sa mga taong nagmamahal sa Diyos, na sakali mang mangyari ang mga bagay sa kanila ay magagawang ganap na sumunod sa Diyos, at makakayang sumunod sa Diyos hanggang kamatayan. Ang iyong pagsasagawa at mga pahayag sa tunay na buhay ay ang patotoo ng Diyos, ang mga ito ang pagsasabuhay ng tao at ang patotoo ng Diyos, at ito ang tunay na pagtatamasa sa pagmamahal ng Diyos; kapag nakaranas ka hanggang sa puntong ito, ang nararapat na bisa ay makakamit na. Nagtataglay ka ng aktwal na pagsasabuhay, at ang bawat kilos mo ay tinitingala ng iba nang may paghanga. Pangkaraniwan ang iyong pananamit at panlabas na anyo, ngunit isinasabuhay mo ang isang buhay na may sukdulang kabanalan, at kapag ipinababatid mo ang mga salita ng Diyos, ginagabayan at nililiwanagan ka Niya. Nagagawa mong sabihin ang kalooban ng Diyos sa pamamagitan ng iyong mga salita, naipagbibigay-alam ang realidad, at marami kang nauunawaan tungkol sa paglilingkod sa diwa. Tapat ka sa iyong pananalita, disente at matuwid, ayaw sa hidwaan at mapagpakundangan, nagagawang sundin ang mga pagsasaayos ng Diyos at naninindigan sa iyong patotoo kapag may nangyayari sa iyo, at ikaw ay payapa at mahinahon anuman ang kinakaharap mo. Ang ganitong uri ng tao ay tunay na nakita na ang pag-ibig ng Diyos. May ilang tao na bata pa, ngunit kumikilos sila na tila may-edad na; may isip na sila, nagtataglay ng katotohanan, at hinahangaan ng iba—at ito ang mga taong may patotoo, at mga manipestasyon ng Diyos. Sa madaling salita, kapag naranasan na nila hanggang sa isang tiyak na punto, magkakaroon sa kanilang kalooban ng isang kaunawaan tungo sa Diyos, at ang kanilang panlabas na disposisyon ay magiging matatag rin.

Hinango mula sa “Ang mga Nagmamahal sa Diyos ay Mabubuhay Magpakailanman sa

Kanyang Liwanag” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung nakakaranas ang mga tao hanggang sa dumating ang araw kung kailan ang kanilang pananaw sa buhay at ang kabuluhan at ang batayan ng kanilang pag-iral ay lubusang nabago na, kapag naiba na sila hanggang sa kanilang pinaka-buto, at naging ibang tao na, hindi ba ito magiging hindi kapani-paniwala? Ito ay malaking pagbabago, isang kamangha-manghang pagbabago. Tanging kapag ikaw ay di-interesado sa katanyagan at kayamanan, katayuan, salapi, kasiyahan, at karangyaan ng mundo, at madaling napalalampas ang mga ito, magkakaroon ka ng wangis ng isang tao. Ang mga sa bandang huli ay magagawang ganap ay isang grupong katulad nito; nabubuhay sila para sa katotohanan, nabubuhay para sa Diyos, at nabubuhay para sa kung ano ang makatarungan. Ito ang wangis ng isang tunay na tao.

Hinango mula sa “Kailangang Maunawaan ng Tao na May mga Pagkakatulad at Pagkakaiba sa Likas na Pagkatao ng mga Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

122. Ang mga Prinsipyo ng Pagiging Matapat na Tao

(1) Sa pagsasanay ng sarili na maging matapat na tao, kinakailangang umasa sa Diyos. Ibigay ang iyong puso sa Kanya, at tanggapin ang Kanyang pagsisiyasat. Sa gayon lamang, sa paglipas ng panahon, maitatapon ang kanilang mga kasinungalingan at pandaraya;

(2) Kinakailangang tanggapin ang katotohanan at pagnilayan ang bawat salita at gawa. Suriin ang pinagmulan at diwa ng katiwalian na isiniwalat sa iyo, at kilalaning mabuti ang iyong sarili;

(3) Kinakailangang magsiyasat kung aling mga usapin ang may silakbo ng kasinungalingan at nagtataglay ng pandaraya. Maglakas-loob na suriin ang iyong sarili at ihayag iyong sarili, at humingi ng paumanhin sa iba at magbago.

(4) Ang pagsasalita at kilos ng ay dapat nakabatay sa mga salita ng Diyos. Manalangin sa Diyos, talikuran ang mga kagustuhan ng at hangarin ng iyong laman, at magsalita at kumilos alinsunod sa prinsipyo ng

katotohanan;

(5) Kinakailangang maging totoo sa mga atas ng Diyos; upang magawa ang iyong tungkulin nang maayos alinsunod sa Kanyang mga hinihiling, at hindi maging pabaya at walang pakialam o hindi totoo at mapanlinlang, sa halip ay maging matapat at mapagkakatiwalaan sa kapwa salita at gawa.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Dapat ninyong malamang gusto ng Diyos yaong mga tapat. Sa diwa, matapat ang Diyos, at kaya naman palaging mapagkakatiwalaan ang mga salita Niya; higit pa rito, walang mali at hindi mapag-aalinlanganan ang mga kilos Niya, kung kaya gusto ng Diyos yaong mga lubos na tapat sa Kanya. Ang katapatan ay nangangahulugang pagbibigay ng puso mo sa Diyos, pagiging wagas sa Diyos sa lahat ng mga bagay, pagiging bukas sa Kanya sa lahat ng mga bagay, hindi pagtatago kailanman ng katotohanan, hindi pagsusubok na malinlang yaong mga nasa itaas at nasa ibaba mo, at hindi paggawa ng mga bagay upang manuyo lamang sa Diyos. Sa madaling salita, ang pagiging tapat ay pagiging dalisay sa mga kilos at mga salita mo, at hindi paglilinlang sa Diyos o sa tao. Napakapayak ng sinasabi Ko, ngunit dobleng hirap ito para sa inyo. Maraming mga tao ang mas nanaisin pang maparusahan sa impiyerno kaysa sa magsalita at kumilos nang tapat. Hindi kataka-takang may iba pa Akong lunas na nakalaan para sa mga hindi tapat. Mangyari pa, ganap Kong alam kung gaano kahirap sa inyo ang maging tapat. Sapagkat matatalino kayong lahat, napakahusay sa pagtimbang sa mga tao gamit ang sarili ninyong makitid na panukat, ginagawa nitong mas payak ang gawain Ko. At yamang niyayakap sa dibdib ng bawat isa sa inyo ang mga lihim ninyo, kung sa gayon, isa-isa Ko kayong ilalagay sa kapahamakan upang “turuan” sa pamamagitan ng apoy, at nang matapos nito ay maaaring maging pirmi kayo sa paniniwala sa mga salita Ko. Sa huli, aagawin Ko mula sa mga bibig ninyo ang mga salitang “Ang Diyos ay matapat na Diyos,” kung saan hahampasin ninyo ang mga dibdib ninyo at mananaghoy, “Mapanlinlang ang puso ng tao!” Ano ang magiging kalagayan ng isip ninyo sa oras na ito? Ipinagpapalagay Kong

hindi kayo magiging kasing tagumpay nang tulad ninyo ngayon. At lalong hindi kayo magiging kasing “lalim at mahirap unawain” nang tulad ninyo ngayon. Sa presensiya ng Diyos, maaayos at wastong kumilos ang ilang mga tao, pinaghihirapan nilang magkaroon ng “maayos na pag-uugali,” subalit inilalantad nila ang mga pangil nila at iwinawasiwas ang mga kuko nila sa presensiya ng Espiritu. Ibibilang ba ninyo ang ganitong mga tao sa hanay ng mga tapat? Kung isa kang ipokrito, isang taong bihasa sa “pakikipagkapwa,” sinasabi Kong isa kang tiyak na sumusubok biru-biruin ang Diyos. Kung tadtad ng mga palusot at walang halagang mga pangangatwiran ang mga salita mo, sinasabi Kong isa kang taong kinasusuklamang isagawa ang katotohanan. Kung marami kang mga nakatagong kaalamang atubili kang ibahagi, kung lubos kang tutol na ilantad ang mga lihim mo—ang mga paghihirap mo—sa harap ng iba upang hanapin ang daan ng liwanag, sinasabi Kong isang kang taong hindi madaling matatamo ang kaligtasan, at hindi madaling makakaahon mula sa kadiliman. Kung nakalulugod sa iyong mabuti ang paghahanap sa daan ng katotohanan, isa kang taong palaging nananahan sa liwanag. Kung lubhang nagagalak kang maging isang tagapaglingkod sa tahanan ng Diyos, na gumagawa nang masigasig at matapat sa di-katanyagan, palaging nagbibigay at hindi kailanman kumukuha, sinasabi Kong isa kang tapat na banal, sapagkat hindi ka naghahanap ng gantimpala at nagsisikap lamang na maging tapat na tao. Kung handa kang maging matapat, kung handa kang gugulin ang lahat ng nasa iyo, kung kaya mong isakripisyo ang buhay mo para sa Diyos at tumayong matatag sa patotoo mo, kung tapat ka hanggang sa puntong pagbibigay-kasiyahan lamang sa Diyos ang alam mo at hindi pagsaalang-alang ng sarili mo o pagkuha para sa sarili mo, sinasabi Kong ang ganitong mga tao ay yaong mga pinalulusog sa liwanag at siyang mabubuhay kailanman sa kaharian.

Hinango mula sa “Tatlong Paalaala” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kinalulugdan Ko yaong mga hindi mapaghinala sa iba, at gusto Ko yaong mga agarang tumatanggap ng katotohanan; nagpapakita Ako ng

labis na pagkalinga sa dalawang uri ng mga taong ito, dahil matatapat silang mga tao sa Aking paningin. Kung mapanlinlang ka, magiging malihim at mapaghinala ka sa lahat ng mga tao at mga bagay, at sa gayon, ang pananampalataya mo sa Akin ay maitatayo sa isang pundasyon ng paghihinala. Hindi Ko kailanman maaaring kilalanin ang ganitong pananampalataya. Sa kakulangan ng tunay na pananampalataya, mas lalo kang salat sa tunay na pagmamahal. At kung may gawi kang pagdudahan ang Diyos at maghaka tungkol sa Kanya, kung gayon walang kaduda-dudang ikaw ang pinakamapanlinlang sa lahat ng mga tao. Ipinagpapalagay mo kung maaaring maging katulad ng tao ang Diyos: makasalanang di-mapapatawad, makitid ang isip, salat sa pagiging makatarungan at katwiran, walang muwang sa katarungan, mahilig sa mapanirang mga kaparaanan, taksil at tuso, nalulugod sa kasamaan at kadiliman, at iba pa. Hindi ba't ang dahilan kaya may ganitong kaisipan ang mga tao ay sapagkat wala sila ni bahagyang kaalaman sa Diyos? Halos kasalanan ang ganitong uri ng pananampalataya! Mayroong pa ngang ibang naniniwala na ang mga nagbibigay-lugod sa Akin ay yaong mga palapuri at nanghihibo, at hindi tatanggapin sa tahanan ng Diyos at mawawalan ng lugar doon yaong mga walang kasanayan sa ganoong mga bagay. Ito lamang ba ang tanging kaalamang nakuha ninyo pagkatapos ng lahat ng mga taong ito? Ito ba ang nakamit ninyo? At hindi tumitigil sa mga maling pagkaunawang ito ang kaalaman ninyo sa Akin; mas malala pa ay ang kalapastanganan ninyo sa Espiritu ng Diyos at panlalait sa Langit. Ito ang dahilan kaya sinasabi Kong magdudulot lamang ng lalong paglayo ninyo sa Akin at mas higit pang pagsalungat sa Akin ang pananampalatayang tulad ng sa inyo.

Hinango mula sa "Paano Mababatid ang Diyos na Nasa Lupa" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Malalaman ng mga tao kung gaano sila katiwali kung hahangarin lamang nila na maging matapat at kung may pagkakawangis ba sila o wala sa tao; tanging sa pagsasagawa ng katapatan sila magkakaroon ng

kamalayan kung gaano karaming kasinungalingan ang sinasabi nila at kung gaano kalalim nakatago ang panlilinlang at pandaraya nila. Tanging sa pagkakaroon ng karanasan sa pagsasagawa ng pagiging matapat makakaya ng mga tao na unti-unting malaman ang katotohanan ng kanilang sariling katiwalian at makilala ang kanilang sariling kalikasang diwa, at saka lamang magagawang palagiang madalisay ang kanilang mga tiwaling disposisyon. Tanging sa takbo ng palagiang pagdadalisay ng kanilang tiwaling disposisyon magagawang makamit ng mga tao ang katotohanan. Huwag kayong magmadali sa paglasap ng mga salitang ito. Hindi pineperpekto ng Diyos yaong mga mapanlinlang. Kung ang puso mo ay hindi tapat—kung hindi ka isang tapat na tao—kung gayon hindi ka kailanman makakamit ng Diyos. Hindi mo rin makakamit ang katotohanan, at hindi rin makakayang makamit ang Diyos. Kung hindi mo makakamit ang Diyos, at hindi mo mauunawaan ang katotohanan, ano ngayon ang ibig sabihin nito? Nangangahulugan na ikaw ay laban sa Diyos, hindi ka kaayon ng Diyos, at hindi Siya ang Diyos mo. At kung ang Diyos ay hindi mo Diyos, hindi ka maliligtas. Kung hindi ka maliligtas, ikaw ay magiging kaaway ng Diyos magpakailanman, at napagpasyahan na ang iyong kahahantungan. Kaya, kung nais ng mga tao na maligtas, dapat silang magsimula sa pagiging matapat. May tanda na nagtatakda sa kung sino ang makakamit ng Diyos sa huli. Alam ba ninyo kung ano ito? Nasusulat ito sa Pahayag, sa Biblia: “At sa kanilang bibig ay walang nasumpungang kasinungalingan: sila’y mga walang dungis.” Sino “sila?” Sila ang mga yaong nagawang perpekto at nakamit ng Diyos, at mga naligtas. Paano inilalarawan ng Diyos ang mga taong ito? Ano ang mga katangian at mga pagpapahayag ng kanilang mga kilos? (Wala silang dungis. Hindi sila nagsasabi ng kasinungalingan.) Dapat ninyong maunawaan at magagap lahat ang kahulugan ng hindi pagsasabi ng kasinungalingan: Nangangahulugan ito ng pagiging matapat. Ano ang ibig sabihin ng walang dungis? Paano tinutukoy ng Diyos ang taong walang dungis? Yaong mga walang dungis ay nagagawang matakot sa Diyos at iwasan ang kasamaan; sila ang mga yaong may kakayahang sumunod sa pamamaraan ng Diyos. Ang mga

ganitong tao ay perpekto sa mga mata ng Diyos; sila ay walang dungis.

Hinango mula sa “Anim na Pahiwatig ng Pag-unlad sa Buhay” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ano ang mga pagpapahayag ng isang matapat na tao? Ang mapagpasyang punto sa bagay na ito ay ang isagawa ang katotohanan sa lahat ng bagay. Kung sinasabi mong matapat ka, ngunit lagi mong isinasaisantabi sa iyong isip ang mga salita ng Diyos at ginagawa ang anumang balang maibigan mo, kung gayon, ito ba ay pagpapahayag ng isang matapat na tao? Sinasabi mo, “Mahina ang kakayahan ko, pero tapat ang aking puso.” Kapag may tungkuling dumarating sa iyo, gayupaman, natatakot ka na baka nakakapagod ito o hindi mo ito kayang tuparin nang mahusay, at dahil dito gumagawa ka ng mga dahilan para iwasan ito. Ito ba ang nakikita sa isang matapat na tao? Malinaw na hindi. Paano dapat kumilos ang matapat na tao? Dapat silang tumanggap at sumunod, at lubos na maging tapat sa paggawa ng kanilang tungkulin sa abot ng kanilang makakaya, nagsisikap na makatugon sa kalooban ng Diyos. Bakit kailangang gawin ito? May ilang aspeto ang pagpapakitang ito. Ang isang aspeto ay na dapat mong tanggapin ang iyong tungkulin nang may matapat at taimtim na puso, huwag mag-isip ng iba pa at huwag mag-dalawang-isip, nakikipagsabwatan para sa iyong kapakanan—ito ay pagpapakita ng katapatan. Isa pang aspeto ay na dapat mong gamitin ang iyong buong lakas at buong puso, at sabihing “Ihahayag ko sa Diyos ang lahat-lahat sa akin. Ito ang lahat ng magagawa ko; gagamitin kong lahat ito, at ilalaan ko ito nang lubusan sa Diyos.” Ilaan mo ang lahat ng mayroon ka at lahat ng magagawa mo—ito ay pagpapakita ng katapatan. Kung hindi taos sa puso mo na ihandog ang lahat ng mayroon ka, kung itinatago at itinatabi mo ito, madulas sa iyong mga kilos, iniiwasan ang iyong tungkulin at ipinagagawa ito sa iba dahil takot kang pasanin ang mga ibubunga ng hindi mo maayos na pagtatrabaho, kung gayon, pagiging matapat ba ito? Hindi. Ang pagiging matapat na tao, kung gayon, ay hindi lamang ang pagkakaroon ng hangarin. Kung hindi mo ito isinasagawa kapag may mga bagay na

nangyayari sa iyo, hindi ka isang matapat na tao. Kapag nakakaharap mo ang mga usapin, dapat mong isagawa ang katotohanan at magkaroon ka ng mga praktikal na pagpapahayag. Ito ang tanging paraan upang maging matapat na tao, at ang mga ito lamang ang mga pagpapahayag ng isang matapat na puso. Nararamdaman ng ilang tao na upang maging isang matapat na tao, sapat nang nagsasalita ka lamang ng katotohanan at hindi nagsasabi ng kasinungalingan. Sadya bang ganoon kakitid ang katuturan ng pagiging matapat? Hinding-hindi. Dapat mong ihayag at ibigay ang iyong puso sa Diyos; ito ang ugaling dapat taglayin ng isang matapat na tao. Samakatuwid, lubhang napakahalaga ng katapatan. Ano ang implikasyon nito? Na matitimpi ng pusong ito ang iyong pag-uugali at mapamamahalaan nito ang iyong mga kalagayan. Lubhang mahalaga ang pusong ito. Kung may ganito kang uri ng katapatan, dapat kang mamuhay sa ganitong kalagayan, magpakita ng ganitong pag-uugali, at magkaroon ng ganitong paggugol.

Hinango mula sa “Makakaya Lamang ng Mga Tao na Maging Totoong Masaya sa Pamamagitan ng Pagiging Matapat” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Dapat pakitunguhan ng mga tao ang kapwa tungkulin at Diyos nang may matapat na puso—ito ang pinakamataas na karunungan. Anong ugali ang dapat taglayin ng mga tao sa pagtrato sa Diyos nang may matapat na puso? Dapat gugulin ng mga ang kanilang sarili para sa Diyos sa kanilang tungkulin nang hindi tinatanong kung magdadala ito sa kanila ng sakuna o pagpapala, nang hindi gumagawa ng mga kondisyon, at sa pamamagitan ng pagpapasakop sa mga pagsasaayos ng Diyos; ang gayong tao ay nagtataglay ng matapat na puso. Ang mga nag-aalinlangan ba lagi, laging gumagawa ng mga kundisyon, at sumasali sa walang tigil na pagsasaliksik ay nagtataglay ng matapat na puso? Ano ang nasa loob ng puso ng gayong tao? Sa loob ng kanilang puso ay mayroong pandaraya at kasamaan, at palagi silang sumasali sa pananaliksik. Kapag may nangyaring nakakaapekto sa kanilang mga personal na interes, pinag-isipan nila: “Anong iniisip ng Diyos nang gawin Niya sa akin ang bagay na

ito at nang inayos Niya ang sitwasyong ito para sa akin? Ito ba ay bagay na nangyari sa ibang tao? Matapos ko itong pagdaanan, ano ang mga kahihinatnan nito?” Sinasaliksik nila ang mga katanungang ito; sinasaliksik nila kung ano ang maaari makuha o mawala nila, kung ang bagay bang hawak nila ay magdadala sa kanila ng sakuna o pagpapala. Sa sandaling simulan nilang magsaliksik sa mga katanungang ito, may kakayahan ba silang isagawa ang katotohanan? May kakayahan ba silang sumunod sa Diyos? (Wala.) Kapag nagsimula sila ng tungkulin, sinasaliksik nila ito at tinanong: “Magdurusa ba ako kung isasagawa ko ang tungkuling ito? Kailangan ko bang gumugol ng maraming oras sa malayo, at makakakuha ba ako ng palagiang pagkain at pamamahinga? At anong uri ng mga tao ang makaka-ugnay ko?” Bagaman sa labas ay tinatanggap nila ang tungkuling ito, sa kanilang puso ay nagtataglay sila ng panlilinlang at patuloy na nagsasaliksik ng mga ganoong bagay. Sa katunayan, lahat ng mga bagay na ito na kanilang sinasaliksik ay nauugnay sa kanilang pansariling interes; hindi nila isinasaalang-alang ang mga interes ng bahay ng Diyos, tanging ang kanilang sariling mga interes. Kung isinasaalang-alang ng mga tao ang kanila lamang sariling interes, hindi madali para sa kanila na magsagawa ng katotohanan at wala silang tunay na pagsunod sa Diyos. Anong nangyayari sa huli sa karamihan sa mga taong ito na nakikibahagi sa ganitong uri ng pagsasaliksik? Ang iba ay naghihimagsik laban sa Diyos; iyon ay, gumagawa sila ng mga bagay na puno ng mga negatibong damdamin, pinananatiling bukas ang kanilang mga mata habang nagtatrabaho. Anong uri ng ito disposisyon na nagdadala ng mga emosyong ito? Ito ay panloloko at kasamaan; malayo na ang narating sa pagiging masama, ang mga taong ito ay inilalaban ang kanilang sarili sa Diyos! Kapag ang mga tao ay patuloy na nagsasaliksik, nahahati ang kanilang atensyon, kaya't maisasagawa ba nila nang maayos ang kanilang tungkulin sa kalagayang ito? Hindi nila sinasamba ang Diyos nang may katapatan at ng kanilang mga espiritu, wala silang matapat na mga puso, at habang ginagawa nila ang kanilang tungkulin, palagi silang nagbabantay at nagpipigil. Anong kahihinatnan nito? Hindi gumagawa ng trabaho sa

kanila ang Diyos, anuman ang gawin nila, hindi nila mahanap ang mga prinsipyo, at anuman ang gawin nila, palagi itong nagkakamali. Bakit laging nagkakamali ang mga bagay? Minsan, hindi dahil inilalantad sila ng Diyos, kundi sinisira nila ang kanilang sarili. Hindi nila binibigyan ng anumang pagsasaalang-alang sa mga gawain sa bahay ng Diyos o sa mga interes ng bahay ng Diyos; palagi silang nagpaplano para sa kanilang sarilin at gumagawa ng mga plano para sa kanilang karangalan at katayuan. Patuloy nila itong ginagawa at pagkatapos ay nagsisimulang lumihis. Sa pagitan ng paggawa ng mga plano para sa kanilang sariling interes at mga inaasam sa hinaharap, at pagiging mapag-isip sa gawain sa bahay ng Diyos at sa mga interes ng bahay ng Diyos, ang bunga ba mula sa kanilang mga kilos ay pareho? Hindi, ang bunga ay tiyak na hindi pareho. Nakalantad ang mga ito, at ang pag-uugaling ito ay hindi kabilang sa pagsasagawa ng tungkulin; ang kakanyahan at likas na katangian ng mga aksyon ng taong ito ay nagbago. Kung ito ay usapin lamang ng kaunting pagkawala, magkakaroon pa rin sila ng posibilidad na maligtas kung gayon—magkakaroon pa rin sila ng pagkakataon. Ngunit kung ang sanhi ng malaking pagkawala, mayroon pa bang pagkakataon para sa kanila? Kung ang bagay na pinanghahawakan ay isang seryosong kaso, na nagsasanhi pa ito ng pagkagambala at mga kaguluhan, kung gayon ang taong kasangkot ay dapat mapalitan at matanggal; ang iba ay natanggal sa ganito lamang na paraan.

Hinango mula sa “Tanging sa Paghahanap ng Mga Prinsipyo ng Katotohanan Nagagampanan nang Maigi ng Isa ang Kanyang Tungkulin” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Bakit ginagawa ng mga tao ang ganitong pandaraya? Upang makamit ang kanilang sariling pakay, at ang layuning inaasam. Kaya’t gumagamit sila ng ilang kaparaanan Ang paggamit ng gayong mga kaparaanan ay nagpapakita na hindi sila naninidigan at tapat sa ganong mga pagkakataon, nahahayag ang kanilang katusuhan o ang kanilang kahalayan at kadustaan Sa mga bagay na ito, nadarama mo na napakahirap na maging tapat; Kung wala sila, nadarama mo na madali ang

maging tapat. Ang pinakamalalaking sagabal sa pagiging matapat ay ang katusuhan, panlilinlang, kasamaan, at mga walang dangal na pangganyak ng mga tao.

Hinango mula sa “Ang Pinakasaligang Pagsasagawa ng Pagiging Isang Taong Tapat” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Lahat niyaong hindi nabubuhay nang may katapatan, na maganda ang asal sa harap ng iba ngunit iba ang asal pagtalikod nila, na nagpapakita ng pagpapakumbaba, pasensya, at pagmamahal bagama’t ang diwa nila ay mapanira, tuso, at hindi tapat sa Diyos—ang gayong mga tao ay tipikal na mga kinatawan niyaong mga nabubuhay sa ilalim ng impluwensya ng kadiliman; sila ang mga kauri ng ahas. Yaong mga naniniwala lamang sa Diyos para sa sarili nilang pakinabang, mapagmagaling at mayabang, mapagpasikat, at pinoprotektahan ang sarili nilang katayuan ay mga taong nagmamahal kay Satanas at kumokontra sa katotohanan. Ang mga taong ito ay lumalaban sa Diyos at lubos na nabibilang kay Satanas. Yaong mga hindi pumapansin sa mga pasanin ng Diyos, na hindi naglilingkod sa Diyos nang buong-puso, na laging inaalala ang sarili nilang mga interes at ang interes ng kanilang pamilya, na hindi magawang iwanan ang lahat upang gugulin ang kanilang sarili para sa Diyos, at na hindi kailanman namumuhay ayon sa Kanyang mga salita ay mga taong hindi sakop ng Kanyang mga salita. Ang ganitong mga tao ay hindi maaaring tumanggap ng papuri ng Diyos.

Hinango mula sa “Tumakas Mula sa Impluwensya ng Kadiliman, at Kakamtin Ka ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang hinihingi ng Diyos sa mga tao na maging matapat ang nagpapatunay na tunay na kinamumuhian Niya ang mga mandaraya, na hindi Niya gusto ang mga taong mandaraya. Ang katunayan na hindi gusto ng Diyos ang mga mandaraya ay nangangahulugan na hindi Niya gusto ang kanilang mga kilos, disposisyon, at ang kanilang mga motibo; iyon ay, hindi nais ng Diyos ang paggawa nila ng mga bagay-bagay. Kaya kung bibigyan natin ng kasiyahan ang Diyos, dapat muna nating baguhin ang

ating mga kilos at paraan ng pag-iral. Dati-rati, umasa tayo sa mga kasinungalingan at pagkukunwari para mamuhay sa piling ng mga tao. Ito ang ating puhunan, at ang batayan ng pag-iral, buhay, at pundasyon ng ating pagkilos, at lahat ng ito ay kinamuhian ng Diyos. Sa mga walang-pananalig sa mundo, kung hindi mo alam kung paano magmanipula o manloko, baka mahirapan kang manindigan. Makakaya mo lang magsinungaling, manloko, at makipagsabwatan at lihim na manira para protektahan ang iyong sarili at magbalatkayo para magkaroon ng mas mainam na buhay. Sa bahay ng Diyos, iyon mismo ang kabaligtaran: Habang mas nanloloko ka, mas gumagamit ka ng sopistikadong pagmamanipula para magkunwari at manloko ng mga tao, sa gayo'y mas hindi mo kakayaning manindigan, at mas kinamumuhian at inaalis ng Diyos ang gayong mga tao. Naitadhana na ng Diyos na ang matatapat na tao lamang ang magkakaroon ng bahaging gagampanan sa kaharian ng langit. Kung hindi ka matapat, at kung, sa buhay mo, hindi nakatuon ang iyong pagsasagawa sa pagiging matapat at hindi mo ipinapakita ang totoong pagkatao mo, hindi ka magkakaroon ng anumang pagkakataon kailanman na matamo ang gawain ng Diyos o ang Kanyang papuri.

Hinango mula sa "Ang Pinakasaligang Pagsasagawa ng Pagiging Isang Taong Tapat" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Bilang isang tapat na tao, dapat mo munang ilantad ang iyong puso upang matingnan ito ng lahat, makita ang lahat ng iniisip mo, at masilayan ang iyong totoong mukha; hindi mo dapat subukang magpanggap o ipakete ang iyong sarili para magmukhang maganda. Saka lamang magtitiwala ang mga tao sa iyo at ipapalagay na matapat ka. Ito ay ang pinakasaligang pagsasagawa, at ang pang-unang kailangan, ng pagiging isang tapat na tao. Palagi kang nagpapanggap, palaging nagkukunwaring may kabanalan, pagkamarangal, kadakilaan, at mataas na moralidad. Hindi mo hinahayaang makita ng mga tao ang iyong katiwalian at iyong mga kakulangan. Inihaharap mo ang isang huwad na larawan sa mga tao kaya naniniwala sila na ikaw ay magaling, dakila, mapagsakripisyo, walang-

pinapanigan, at di-makasarili. Ito ay panlilinlang. Huwag magpanggap, at huwag itanghal ang sarili; sa halip, ilantad ang sarili mo at ang puso mo para makita ng iba. Kung mailalantad mo ang puso mo para makita ng iba, at mailalantad mo ang lahat ng iniisip mo at mga balak—kapwa positibo at negatibo—sa gayon hindi ka ba nagiging tapat? Kung nailalantad mo ang iyong sarili para makita ng iba, kung gayon makikita ka rin ng Diyos, at magsasabing: “Nailalantad mo ang iyong sarili para makita ng iba, at kaya tiyak na tapat ka rin sa harap Ko.” Kung inilalantad mo lamang ang sarili mo sa Diyos kapag hindi nakikita ng ibang tao, at palaging nagpapanggap na dakila at marangal o makatarungan at di-makasarili kapag kasama nila, kung gayon ano ang iisipin at sasabihin ng Diyos? Sasabihin Niya: “Ikaw ay talagang mapanlinlang, ikaw ay totoong mapagpaimbabaw at hamak; at hindi ka isang tapat na tao.” Kokondenahin ka ng Diyos nang gayon. Kung nais mo na maging isang matapat na tao, kung gayon anuman ang iyong gawin sa harap ng Diyos o ng iba, dapat makaya mong magbukas ng iyong sarili at ilantad ang sarili mo. Madali ba itong makamtan? Nangangailangan ito ng panahon, para magkaroon ng pagtutunggali sa loob ng ating puso, at para magpatuloy tayo sa pagsasagawa. Paunti-unti, mabubuksan ang ating mga puso, at mailalantad natin ang ating mga sarili.

Hinango mula sa “Ang Pinakasaligang Pagsasagawa ng Pagiging Isang Taong Tapat” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kapag nagsasanay na maging isang matapat na tao, kailangan munang matutuhan na buksan ang kanilang puso sa Diyos at manalangin araw-araw, sinasabi sa Diyos kung ano ang nasa kanilang puso. Kung nagsinungaling ka ngayong araw; wala pang nakakatuklas nito, at hindi ka pa nakakaipon ng tapang para maging bukas sa lahat. Ang pinakamadali na dapat mong gawin ay ang idulog kaagad sa Diyos ang iyong mga pagkakamali at kabulaanan at kasinungalingan na iyong siniyasat at natagpuan sa iyong pag-uugali ngayong araw, at ipagtapat ang iyong mga kasalanan, at sabihin: “O Diyos, nagsinungaling akong muli. Nagawa ko ito dahil sa ganito at ganyan. Nagsusumamo ako sa Iyo na disiplinahin ako.”

Kung ganito ang iyong saloobin, tatanggapin ka ng Diyos, at maaalala Niya ito. Marahil ito ay magiging napakahirap at matrabaho para masolusyunan ang depekto o tiwaling disposisyon na pagsisinungaling, ngunit huwag mag-alala—kasama mo ang Diyos, at gagabayan at tutulungan ka Niya na malampasan ang paulit-ulit na paghihirap na ito, magbibigay sa iyo ng tapang na hindi na magsinungaling o ng tapang na kilalanin na nagsinungaling ka; na kilalanin kung ano ang mga kasinungalingang sinabi mo, bakit ka nagsinungaling, at ano ang mga intention at layunin mo; na kilalanin na hindi ka matapat na tao; na kilalanin na ikaw ay mapanlinlang na tao; at bibigyan ka Niya ng tapang na wasakin ang balakid na ito, at makawala sa kulungan ni Satanas at lumayo sa pagpigil nito. Sa paraang ito, unti-unti kang makakapamuhay sa liwanag, sa ilalim ng patnubay at pagpapala ng Diyos. Kapag winasak mo na ang balakid na ito ng mga pagpilit ng laman at nagawang magpasakop sa katotohanan, ikaw ay magiging malaya at may kasarinlan. Kapag namumuhay ka sa ganitong paraan, hindi ka lamang magugustuhan ng mga tao, ngunit magugustuhan ka rin ng Diyos. Bagama’t may mga pagkakataon na may kakayahan ka pa rin na gumawa ng maling mga pagkilos, ay bagama’t may mga pagkakataon na may kakayahan ka pa ring magsinungaling, at bagama’t may pagkakataon na magkakaroon ka pa rin ng sariling mga intensyon, gayundin ng mga makasariling layunin, at makasarili at kasuklam-suklam na mga pagkilos at ideya, maaari mong tanggapin ang pagsisiyasat ng Diyos at ibunyag ang iyong puso, ang iyong aktwal na kalagayan, at ang iyong tiwaling disposisyon sa harapan ng Diyos—at sa ganitong paraan ka magkakaroon ng tamang paraan ng pagsasagawa. Kung tama ang iyong paraan ng pagsasagawa at ang direksyon mo sa pagsulong ay tama, ang iyong mga inaasahan ay magiging maganda at maliwanag. Sa paraang ito, mamumuhay ka na may payapang puso; mabubusog ang iyong espiritu, at madarama mong ikaw ay pinagyaman at nagagalak. Kung hindi mo nagawang wasakin ang balakid na ito ng mga pamimilit ng laman at palaging kang nakagapos sa mga damdamin at pilosopiya ni Satanas, at ang iyong mga sinasabi at ikinikilos ay palaging patago at palihim at hindi

kailanman hayagan, kung gayon isa ka sa mga namumuhay sa ilalim ng nasasakupan ni Satanas. Kapag nauunawaan mo ang katotohanan at nagagawang wasakin ang balakid ng mga pamimilit ng laman, unti-unti kang nagiging katulad ng tao. Nagsasalita at kumikilos ka nang deretsahan at walang ligoy, at ipinapakita sa iba ang anumang pananaw o mga kaisipan na maaaring mayroon ka o ang anumang nagawa mong mali, upang makita ito ng iba nang malinaw—at, sa huli, sasabihin nila na ikaw ay isang taong walang itinatago. Ano ang taong walang itinatago? Ito ay isang tao na hindi nagsisinungaling, labis na matapat sa pananalita, at pinaniniwalaan ng lahat ang kanyang mga sinasabi. Kahit na walang malay silang nakapagsisinungaling o nakapagsasabi ng maling bagay, napapatawad sila ng lahat, nalalaman na walang malay nila itong nagawa. Sa sandaling nalaman nila ito, babalik sila para magpaunmanhin at itama ito. Ito ang taong walang itinatago. Gusto at mapagkakatiwalaan ng lahat ang ganitong uri ng tao. Kung naabot mo ang antas na ito at nakamit ang pagtitiwala ng Diyos at ng iba, nagawa mo ang isang bagay na hindi karaniwan—ito ang pinakamataas na dignidad na maaaring taglayin ng isang tao, at ang ganitong mga tao lamang ang mayroong paggalang sa sarili.

Hinango mula sa “Sa Pamamagitan Lamang ng Pagiging Matapat Maaaring Makapamuhay na Tulad ng Isang Tunay na Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sa panahong ito, karamihan sa mga tao ay masyadong takot na dalhin ang kanilang mga kilos sa harap ng Diyos; bagama’t maaari mong linlangin ang Kanyang katawang-tao, hindi mo malilinlang ang Kanyang Espiritu. Anumang bagay na hindi makayanan ang masusing pagsusuri ng Diyos ay hindi nakaayon sa katotohanan, at nararapat na isantabi; kung hindi ay nagkakasala ka sa Diyos. Kaya, kailangan mong ilatag ang iyong puso sa harap ng Diyos sa lahat ng oras, kapag nagdarasal ka, kapag nagsasalita at nagbabahagi ka sa iyong mga kapatid, at kapag ginagampanan mo ang iyong tungkulin at ginagawa ang iyong gawain. Kapag ginampanan mo ang iyong tungkulin, sumasaiyo ang Diyos, at hangga’t tama ang iyong

hangarin at iyon ay para sa gawain ng bahay ng Diyos, tatanggapin Niya ang lahat ng ginagawa mo; dapat mong buong taimtim na ialay ang iyong sarili sa pagganap sa iyong tungkulin. Kapag nagdarasal ka, kung may pagmamahal ka sa Diyos sa iyong puso at hangad mo ang malasakit, pangangalaga at masusing pagsusuri ng Diyos, kung ang mga bagay na ito ang iyong hangarin, magiging epektibo ang iyong mga dalangin. Halimbawa, kapag nagdarasal ka sa mga pulong, kung bubuksan mo ang iyong puso at magdarasal ka sa Diyos at sasabihin mo sa Kanya kung ano ang nasa puso mo nang hindi ka nagsisinungaling, siguradong magiging epektibo ang iyong mga dalangin.

Hinango mula sa “Pineperpekto ng Diyos Yaong mga Kaayon ng Kanyang Puso” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ngayon, lahat ng hindi matanggap ang masusing pagsusuri ng Diyos ay hindi matatanggap ang Kanyang pagsang-ayon, at yaong mga hindi nakakakilala sa Diyos na nagkatawang-tao ay hindi maaaring maperpekto. Tingnan mo ang lahat ng ginagawa mo, at tingnan mo kung maaari ba itong dalhin sa harap ng Diyos. Kung hindi mo madadala ang lahat ng iyong ginagawa sa harap ng Diyos, ipinapakita nito na masamang tao ka. Mapeperpekto ba ang masasamang tao? Lahat ng iyong ginagawa, bawat kilos, bawat layunin, at bawat tugon ay dapat dalhin sa harap ng Diyos. Kahit ang iyong pang-araw-araw na espirituwal na buhay—ang iyong mga dalangin, ang iyong pagiging malapit sa Diyos, kung paano ka kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, ang pakikibahagi mo sa iyong mga kapatid, at ang buhay mo sa loob ng iglesia—at ang iyong paglilingkod na bilang magkatuwang ay maaaring dalhin sa harap ng Diyos para sa Kanyang masusing pagsusuri. Ang gayong pagsasagawa ang tutulong sa iyo na lumago sa buhay. Ang proseso ng pagtanggap sa masusing pagsusuri ng Diyos ang proseso ng pagdadalisay. Kapag mas matatanggap mo ang masusing pagsusuri ng Diyos, mas napapadalisay at mas umaayon ka sa kalooban ng Diyos, kaya hindi ka maaakit sa kahalayan, at mabubuhay ang puso mo sa Kanyang presensya. Kapag

mas tinatanggap mo ang Kanyang masusing pagsusuri, mas napapahiya si Satanas at mas tumataas ang kakayahan mong talikdan ang laman. Kaya, ang pagtanggap sa masusing pagsusuri ng Diyos ay isang landas ng pagsasagawa na dapat sundan ng mga tao. Anuman ang ginagawa mo, kahit kapag nakikipagniig ka sa iyong mga kapatid, maaari mong dalhin ang iyong mga kilos sa harap ng Diyos at hangarin ang Kanyang masusing pagsusuri at hangaring sundin ang Diyos Mismo; gagawin nitong mas tama ang iyong pagsasagawa. Kung dadalhin mo ang lahat ng iyong ginagawa sa harap ng Diyos at tatanggapin ang masusing pagsusuri ng Diyos, saka ka lamang magiging isang tao na nabubuhay sa presensya ng Diyos.

Hinango mula sa “Pineperpekto ng Diyos Yaong mga Kaayon ng Kanyang Puso” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Anuman ang maranasan mo habang ginagawa mo ang iyong tungkulin—pagiging negatibo at mahina, o pagkakaroon ng masamang pakiramdam matapos kang mapakitunguhan—dapat mo itong tratuhin nang maayos, at kailangan mo ring hanapin ang katotohanan at unawain ang kalooban ng Diyos. Sa paggawa ng mga bagay na ito, magkakaroon ka ng isang landas sa pagsasagawa. Kung nais mong maging maganda ang iyong trabaho sa pagtupad sa iyong tungkulin, kailangan ay huwag kang paapekto sa iyong pakiramdam. Gaano man ka-negatibo o kahina ang iyong nararamdaman, dapat mong isagawa ang katotohanan sa lahat ng iyong ginagawa, nang may ganap na kahigpitan, at pagsunod sa mga prinsipyo. Kung gagawin mo ito, hindi ka lamang sasang-ayunan ng ibang tao, kundi magugustuhan ka rin ng Diyos. Sa gayon, ikaw ay magiging isang taong responsable at bumabalikat ng pasanin; magiging isa kang tunay na mabuting tao na talagang tumutupad sa iyong mga tungkulin nang abot sa pamantayan at lubos na isinasabuhay ang wangis ng isang tunay na tao. Ang gayong mga tao ay pinadadalisay at nagkakamit ng tunay na pagbabago kapag tumutupad sa kanilang mga tungkulin, at masasabing matapat sa mga mata ng Diyos. Matatapat na tao lamang ang kayang magtiyaga sa pagsasagawa ng katotohanan at nagtatagumpay sa pagkilos

nang may prinsipyo, at maaaring makatupad ng kanilang mga tungkulin na abot sa pamantayan. Ang mga taong kumikilos nang may prinsipyo ay tumutupad na maigi sa kanilang mga tungkulin kapag maganda ang pakiramdam nila; hindi sila nagtatrabaho lamang nang paimbabaw, hindi sila arogante at hindi nagpapasikat nang may kayabangan para gumanda ang reputasyon nila sa iba. Gayunpaman, kapag masama ang pakiramdam nila, tinatapos nila ang kanilang pang-araw-araw na mga gawain nang gayon din kasigasig at karesponsable, at kahit nagdaranas sila ng isang bagay na nakakasama sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin, o na medyo gumigipit sa kanila o gumagambala sa kanila habang ginagawa nila ang kanilang mga tungkulin, nagagawa pa rin nilang manahimik sa harap ng Diyos at manalangin, na sinasabing, “Gaano man kalaki ang problema ko—kahit bumagsak pa ang kalangitan—basta’t tinutulutan ako ng Diyos na patuloy na mabuhay, determinado akong gawin ang lahat para tuparin ko ang aking tungkulin. Bawa’t araw na tinutulutan akong mabuhay ay isang araw na magtatrabaho ako nang husto sa pagganap sa aking tungkulin nang sa gayon ako ay karapat-dapat sa tungkuling ito na ipinagkaloob sa akin ng Diyos, gayundin sa hiningang ito na ipinasok niya sa aking katawan. Gaano man ako nahihirapan, isasantabi ko ang lahat ng iyon, sapagka’t ang pagtupad sa aking tungkulin ang pinakamahalaga!” Yaong mga hindi apektado ng sinumang tao, anumang kaganapan, bagay, o kapaligiran, na hindi kontrolado ng anumang pakiramdam o sitwasyon sa labas, at inuuna sa lahat ang kanilang mga tungkulin at atas na naipagkatiwala sa kanila ng Diyos—sila ang mga taong matapat sa Diyos at tunay na nagpapasakop sa Kanya. Ang ganitong mga tao ay nakamtan na ang pagpasok sa buhay at nakapasok na sa katotohanang realidad. Ito ay isa sa pinakapraktikal at tunay na mga pagpapahayag ng pagsasabuhay ng katotohanan.

Hinango mula sa “Ang Pagpasok sa Buhay ay Dapat Magsimula sa Karanasan ng Pagganap sa Tungkulin ng Isa” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kapag ginagampanan ng mga tao ang kanilang tungkulin, ginagawa

nila sa katunayan ang dapat nilang gawin. Ngunit kung ginagawa mo ito sa harap ng Diyos, kung ginagampanan mo ang iyong tungkulin nang may pag-uugali ng katapatan at may puso, hindi ba't mas magiging tama ang ugaling ito? Kaya paano mo dapat gamitin ang ugaling ito sa iyong pang-araw-araw na buhay? Dapat mong gawing realidad mo ang "pagsamba sa Diyos nang may puso at katapatan". Tuwing gusto mong magpakakupad at tapusin lamang ang gawain, tuwing gusto mong maging tamad, at tuwing hinahayaan mong magambala ka at nais mo lamang magsaya, dapat mong pag-isipan iyan: Sa pagkilos nang ganito, hindi ba ako mapagkakatiwalaan? Ganito ba ang pagsisikap kong gawin ang aking tungkulin? Hindi ba ako tapat sa paggawa nito? Sa paggawa nito, bigo ba akong tapatan ang tiwala ng Diyos sa akin? Ganito dapat ang pagmumuni-muni mo sa sarili. Dapat mong isipin, "Hindi ako naging seryoso sa bagay na ito. Noong araw, pakiramdam ko may problema, pero hindi ko itinuring na mabigat iyon; basta binalewala ko lamang iyon. Ngayo'y hindi pa rin nalulutas ang problemang ito. Anong klaseng tao ako?" Natukoy mo na siguro ang problema at nakilala mo nang kaunti ang iyong sarili. Dapat ka bang tumigil kapag may kaunting kaalaman ka na? Tapos ka na ba kapag naikumpisal mo na ang iyong mga kasalanan? Kailangan mong magsisi at magbagumbuhay! At paano ka makakapagbagumbuhay? Noon, mali ang pag-uugali at pag-iisip mo sa pagganap mo ng iyong tungkulin, wala rito ang loob mo, at hindi mo kailanman inasikaso ang mga tamang bagay. Ngayon, dapat mong itakda ang saloobin mo sa wastong pagganap sa iyong tungkulin, dapat kang manalangin sa harap ng Diyos, at kapag nariyan uli ang mga dati mong saloobin at ugali, dapat mong hilingin sa Diyos na disiplinahin ka at ituwid. Bilisan mong tukuyin ang mga larangan kung saan ka naging walang ingat at walang pakialam noon. Isipin mo kung paano mo maitatama ang mga ito, at pagkatapos maitama ang mga ito, muli kang maghanap, at manalangin, at pagkatapos ay tanungin mo ang iyong mga kapatid kung mayroon silang anumang mas mahusay na mga mungkahi at rekomendasyon, hanggang sa sumang-ayon ang lahat na nagawa mo ang tama. Saka ka lamang mapagtitibay. Madarama mong

sa oras na ito, nagawa mo na ang iyong tungkulin nang abot sa pamantayan, at nagawa mo na ang iyong pinakamakakaya, at ibinigay rito ang iyong puso, at ibinigay rito ang buo mong makakaya; madarama mong nagawa mo na ang lahat ng iyong magagawa, nang walang pagsisisi. Kapag nagbibigay ng salaysay sa harap ng Diyos, magiging malinis ang iyong budhi, at sasabihin mong, “Kahit na bigyan lamang ng Diyos ng grado na 60% ang aking tungkulin, ibinigay ko rito ang bawat onsa ng lakas sa aking katawan, ibinigay ko rito ang buong puso ko, hindi ako naging tamad, hindi ko sinubukang kumilos sa tusong paraan, at wala akong pinigil.” Hindi ba ito pagkuha ng mga realidad ng pagbibigay ng iyong buong puso, buong isip, at buong lakas sa iyong tungkulin at paggamit ng mga ito sa iyong pang-araw-araw na buhay? Hindi ba ito pagsasabuhay ng mga realidad ng katotohanan na ito?

Hinango mula sa “Nagmumula ang Landas sa Madalas na Pagninilay-Nilay sa Katotohanan” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Dapat mong malaman kung mayroong totoong pananampalataya at totoong katapatan sa loob mo, kung may tala ka ng pagdurusa para sa Diyos, at kung ganap kang nagpasakop sa Diyos. Kung kulang ka sa mga ito, nananatili sa loob mo ang pagsuway, panlilinlang, kasakiman, at pagdaing. Dahil malayo ang puso mo sa pagiging tapat, hindi ka kailanman nakatanggap ng positibong pagkilala mula sa Diyos at hindi kailanman namuhay sa liwanag. Kung paano masasaayos ang kapalaran ng isang tao sa huli ay nakasalalay sa kung mayroon siyang pusong tapat at kasimpula ng dugo, at kung may dalisay siyang kaluluwa. Kung isa kang taong lubhang hindi tapat, isang taong may pusong masama ang hangarin, isang taong marumi ang kaluluwa, tiyak na hahantong ka sa lugar kung saan pinarurusahan ang tao, tulad ng nakasulat sa talaan ng tadhana mo. Kung inaangkin mong lubha kang tapat, gayunpaman hindi kailanman nagawang kumilos alinsunod sa katotohanan o magpahayag ni isang totoong salita, naghihintay ka pa rin bang gantimpalaan ka ng Diyos? Umaasa ka pa rin bang ituturing ka ng Diyos na lubos Niyang minamahal? Hindi ba kakatwa

ang ganitong pag-iisip? Nililinlang mo ang Diyos sa lahat ng mga bagay; paanong tatanggapin sa tahanan ng Diyos ang isang tulad mo, na marumi ang mga kamay?

Hinango mula sa “Tatlong Paalaala” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

123. Ang Mga Prinsipyo ng Pagkilos nang Matalino sa Pananampalataya sa Diyos

(1) Kinakailangang malaman ang mahahalagang pagkakaiba sa pagitan ng karunungan at pandaraya. Ang layunin ng pagiging matalino ay gawin nang maayos ang tungkulin at sundin ang kalooban ng Diyos. Ito ay isang positibong bagay;

(2) Ang matalinong pamamaraan ay dapat gamitin laban sa mga kabilang sa demonyong si Satanas, upang hindi makinabang ang masasamang tao, samantalahin ang kanilang kalamangan, at buwagin at gambalain ang gawain sa bahay ng Diyos;

(3) Ang paghahanap sa katapatan ay ang prinsipyo ng pagiging tao, at nakalulugod sa Diyos, subalit kailangang bigyang diin ang karunungan kapag nakikipag-usap sa kalahi ni Satanas, sapagkat si Satanas ay labis na masama;

(4) Kapag nagpapalaganap ng ebanghelyo, dapat hanapin ang sinumang maaaring tumanggap ng katotohanan, at hindi kailanman ipalaganap ito sa katulad ni Satanas, na kinamumuhian ang katotohanan. Ito ay ganap na naaayon sa prinsipyo ng katotohanan.

Mga Talata ng Biblia para Sanggunian:

“Narito, sinusugo ko kayong gaya ng mga tupa sa gitna ng mga lobo: mangagpakatalino nga kayong gaya ng mga ahas at mangagpakatimtimang gaya ng mga kalapati. Datapuwa't mangagpakaingat kayo sa mga tao: sapagka't kayo'y ibibigay nila sa mga Sanedrin at kayo'y hahampasin sa kanilang mga sinagoga; Oo at kayo'y dadalhin sa harap ng mga gobernador at mga hari dahil sa akin, sa pagpapatotoo sa kanila at sa mga Gentil. … Datapuwa't pagka kayo'y

pinagusig nila sa isang bayang ito, ay magsitakas kayo tungo sa kasunod na bayan” (Mateo 10:16–23).

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Dapat gumamit ang isang tao ng karunungan sa bawat aspeto at gumamit ng karunungan sa paglakad sa Aking perpektong daan. Ang mga kumikilos ayon sa Aking salita ang pinakamarunong sa lahat, at ang mga kumikilos alinsunod sa Aking salita ang pinakamasunurin. Ang sinasabi Ko ang masusunod at hindi mo kailangang makipagtalo sa Akin o subukang mangatwiran sa Akin. Lahat ng sinasabi Ko ay sinasabi Ko nang isinasaisip ka (mahigpit man Ako o malumanay). Kung magtutuon ka sa pagiging masunurin, mabuti iyan, at ito ang daan ng tunay na karunungan (at ng pag-iwas na mangyari sa iyo ang paghatol ng Diyos).

Hinango mula sa “Kabanata 49” ng Mga Pagbigkas ni Cristo sa Pasimula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kailangan mong taglayin ang Aking katapangan sa iyong kalooban at kailangan mong magkaroon ng mga prinsipyo kapag humaharap ka sa mga kamag-anak na hindi naniniwala. Para sa Aking kapakanan ay hindi ka rin dapat na sumuko sa kahit anong mga pwersa ng kadiliman. Manalig ka sa Aking karunungan upang makalakad sa perpektong daan; huwag hayaang ang mga pakikipagsabwatan ni Satanas na makapangyari. Ibuhos ang lahat ng iyong pagsisikap sa paglalagay ng iyong puso sa Aking harapan, at pagiginhawahin Kita at bibigyan ka ng kapayapaan at kaligayahan. Huwag magsikap na maging isang bagay sa harap ng ibang mga tao; hindi ba’t mas mahalaga at matimbang ang bigyan Ako ng kasiyahan? Sa pagbibigay ng kasiyahan sa Akin, hindi ka ba higit na magkakaroon ng walang-hanggan at panghabambuhay na kapayapaan at kaligayahan?

Hinango mula sa “Kabanata 10” ng Mga Pagbigkas ni Cristo sa Pasimula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa panahong si Jesus ay gumawa sa Judea, gumawa Siya nang

lantaran, ngunit ngayon, gumagawa Ako at nagsasalita sa inyo nang lihim. Ganap na hindi ito alam ng mga hindi mananampalataya. Ang Aking gawain sa inyo ay sarado sa iba. Ang mga salitang ito, ang mga pagkastigo at mga paghatol na ito, ay hayag lamang sa inyo at hindi sa iba pa. Lahat ng gawaing ito ay isinasagawa sa inyo at inihahayag lamang sa inyo; wala sa mga hindi mananampalataya ang nakakaalam nito, dahil hindi pa dumarating ang oras. Malapit nang maging ganap ang mga taong ito matapos na tiisin ang mga pagkastigo, ngunit walang alam ang mga nasa labas tungkol dito. Masyadong nakatago ang gawaing ito! Para sa kanila, natatago ang pagkakatawang-tao ng Diyos, ngunit sa mga nasa daloy na ito, maaari Siyang ituring na hindi lihim. Kahit na ang lahat ay bukas sa Diyos, naihahayag ang lahat at inilalabas ang lahat, totoo lamang ito sa mga taong naniniwala sa Kanya, at walang ipinaaalam sa mga hindi mananampalataya. Ang gawaing kasalukuyang isinasagawa sa inyo at sa Tsina ay mahigpit na nakasarado, upang hindi nila malaman. Kung malaman nila ito, paghatol at pag-uusig lamang ang gagawin nila rito. Hindi sila maniniwala. Ang gumawa sa bansa ng malaking pulang dragon, ang pinakapaurong sa mga lugar, ay hindi madaling gawain. Kung ang gawaing ito ay ihahayag, magiging imposibleng magpatuloy. Ang yugtong ito ng gawain ay sadyang hindi maisasagawa sa lugar na ito. Kung ang gawaing ito ay isasagawa nang lantaran, paano nila pahihintulutan itong sumulong? Hindi ba ito magdadala pa ng mas malaking panganib sa gawain? Kung hindi itinago ang gawaing ito, at sa halip ay isinagawa tulad sa panahon ni Jesus, nang kamangha-mangha Siyang nagpagaling ng maysakit at nagpalayas ng mga demonyo, hindi ba matagal na sana itong “ikinulong” ng mga demonyo? Kaya ba nilang tiisin ang pag-iral ng Diyos? Kung papasok Ako ngayon sa mga sinagoga upang mangaral at magbigay ng sermon sa tao, hindi ba matagal na sana Akong nagkadurug-durog? At kung nangyari iyon, paanong patuloy na maisasagawa ang Aking gawain? Ang dahilan kung bakit ang mga tanda at kababalaghan ay hindi nahahayag nang lantaran ay para magkubli. Kaya ang Aking gawain ay hindi maaaring makita, malaman o matuklasan ng mga hindi

mananampalataya. Kung ang yugtong ito ng gawain ay gagawin sa parehong paraan tulad ng kay Jesus sa Kapanahunan ng Biyaya, hindi ito magiging matatag gaya ngayon. Kaya, ang gumawa nang patago sa paraang ito ay may benepisyo sa inyo at sa kabuuan ng gawain.

Hinango mula sa “Ang Hiwaga ng Pagkakatawang-tao (2)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Isang paglalantad ng kanilang kalikasan ang pagsasagawa ng mga mapanlinlang na tao ng panlilinlang. Ang paggamit ng matatapat na tao ng karunungan ang hinihingi ng Diyos at kinakailangan din ito sa gawain; higit pa rito, kinakailangan ang pagkakaroon ng karunungan sa pagtupad ng tungkulin ng isang tao. Kung hangal na mangmang ang isang matapat na tao, hindi siya naaangkop para gamitin ng Diyos, dahil kung walang karunungan hindi siya makapagkakamit ng magagandang resulta sa kanyang gawain. Ano ang karunungan? Ito ang kakayahang gamitin ang lahat ng uri ng paraan at sistema upang gawin ang kalooban ng Diyos at isagawa ang katotohanan. Sa anumang bagay na may kinalaman sa paggawa ng kalooban ng Diyos at pagkumpleto sa ipinagkatiwala ng Diyos sa atin, anumang mga pamamaraan ang ating gamitin, hangga’t nagkakamit tayo ng magagandang resulta, ipinapakita nito na mayroon tayong karunungan. May karunungan ang mga taong gumagamit ng mga estilo at mga pamamaraan upang magawa ang mga bagay-bagay. Dahil isang positibong bagay ang karunungan at ito ang ginagamit upang makamit ang mga wastong layunin, ang paggamit nito ay isang bagay na pinupuri ng Diyos. Gayunman, isang negatibong bagay ang panlilinlang, at isang taktikang ginagamit ng mga tao ni Satanas upang makamit ang kanilang mga reaksiyonaryong layon at kanya-kanyang mga ambisyon. Bagama’t kung minsan tila gumagamit ang karunungan at panlilinlang ng magkatulad na mga pamamaraan sa panlabas, dahil magkaiba ang kabuluhan at ang mga layong kinakamit ng bawa’t isa, magkaiba ang kalikasan ng mga ito. Gumagamit ng lahat ng uri ng iba’t ibang taktika ang

mga mapanlinlang na tao upang makamit ang mga personal at kasuklam-suklam na layon—hindi ito matatawag na karunungan, kundi pagiging tuso o mapagpakana lamang. Gumagamit ang mga tao ng Diyos ng karunungan upang talunin ang kaaway, upang pagtibayin ang gawain ng Diyos, at upang mapalugod ang kalooban ng Diyos. Positibo ito sa kabuuan, at ito ang tunay na karunungan. Tama at wasto ang paggamit ng karunungan. Kung sasabihin ng isang tao na ito ay tuso, panghahamak iyon sa kung ano ang positibo at pagbabaliktad sa tama at mali; ito rin ay maling paniniwala ng mga hangal at mangmang na taong walang pag-intindi. Kung titingnan mo ang isang usapin, kailangan mong tingnan ang diwa nito, kailangan mong pakiramdaman ang pinanggagalingan nito, at saka ka lamang gumawa ng naaangkop na konklusyon. Hindi ka maaaring basta na lamang humatol sa pamamagitan ng panlabas na mga kaanyuan at magsabi ng mga kahibangan.

Hinango mula sa Ang Pagbabahagi mula sa Itaas

Ang pang-apat na katangian ay ang pakikitungo sa mga tao nang may karunungan. Sabi ng ilang tao: “Kailangan ba ng karunungan para makasundo ang mga kapatid?” Oo, kailangan, sapagkat ang paggamit ng karunungnan ay nagdudulot ng mas malaki pang pakinabang sa iyong mga kapatid. Ang ilan ay magtatanong: “Hindi ba ang pagiging magaling sa mga kapatid ay pagiging tuso?” Ang karunungan ay hindi pagiging tuso. Sa halip, ito ay lubos na kabaliktaran ng pagiging tuso. Ang ibig sabihin ng paggamit ng karunungan ay ang pagbibigay pansin sa paraan ng pananalita sa iyong mga kapatid kapag maliit ang katayuan nila, kung sakaling hindi nila matanggap ang iyong sinasabi. At saka, sa mga taong nasa mababang katayuan, lalo na ang mga hindi nagtataglay ng katotohanan at nagbubunyag ng ilang katiwalian at may ilang tiwaling disposisyon, kung ikaw ay masyadong simple at bukas at sinasabi mo ang lahat ng bagay, minsan maaari din itong maging madali para sa kanila na makakuha ng isang bagay sa iyo o para sa iyo para magamit. Hindi rin ito makabubuti. Dahil ang mga tao ay may tiwaling disposisyon, kailangan

may pag-iingat ka at may ilang pamamaraan kapag nagsasalita. Ngunit ang pagiging maingat laban sa mga tao ay hindi nangangahulugang hindi sila tutulungan o walang pagmamahal sa kanila. Ibig sabihin lang nito ay ang hindi pagsabi agad ng mga importanteng bagay tungkol sa sambahayan ng Diyos, at pagpapaalam lang ng katotohanan sa kanila. Kung kailangan nila ng tulong espirituwal sa buhay at kailangang ibigay ang katotohanan sa kanila, kailangan nating gawin ang lahat ng ating makakaya para masiyahan sila tungkol dito. Ngunit kung sila ay nagtatanong sa ganito't sa ganyan tungkol sa sambahayan ng Diyos, o sa ganito't sa ganyan tungkol sa mga lider at manggagawa nito, hindi na kailangang sabihin sa kanila. Kung sasabihin mo sa kanila, maaari nilang ilabas ang mga impormasyong ito at ito'y makakaapekto sa gawain ng sambahayan ng Diyos. Sa madaling salita, kung ito ay isang bagay na hindi nila dapat malaman o isang bagay na hindi nila kailangang malaman, huwag hayaang malaman nila ang tungkol dito. Kung ito ay isang bagay na dapat nilang malaman, gawing mo ang lahat para malaman nila ang tungkol dito, buong-buo at walang pag-aalinlangan. Ano ang mga bagay na dapat nilang malaman? Ang paghahangad sa katotohanan ang dapat nilang malaman; kung anong katotohanan ang dapat nilang makuha, anong mga aspeto ng katotohanan ang dapat nilang maintindihan, anong mga tungkulin ang dapat nilang matupad, anong mga tungkulin ang angkop sa kanila para matupad, paano nila dapat matupad ang mga tungkuling iyon, paano mamuhay nang may normal na pagkatao, paano mamuhay ng buhay iglesia—ito ang lahat na dapat malaman ng mga tao. Sa kabilang banda, ang mga patakaran at prinsipyo ng sambahayan ng Diyos at ang gawain ng iglesia ay hindi maaaring ibulgar sa mga tagalabas, o ni ng mga kalagayan ng iyong mga kapatid ay hindi maaaring ilantad sa mga tagalabas o mga hindi mananampalataya sa iyong pamilya. Ito ang prinsipyo na kailangang sundin sa ating paggamit ng karunungan. Ang mga pangalan at tirahan ng iyong mga lider, ay halimbawa, mga bagay na hindi dapat pag-usapan. Kung pag-uusapan ninyo ang tungkol sa mga ganitong bagay, hindi mo kailanman malalaman kung kailan maririnig ng mga

tagalabas ang mga impormasyong ito, at ang mga bagay ay maaaring maging mas magulo kapag ito ay nakarating sa ilang masasamang espiya o mga lihim na ahente. Kailangan mong maging matalino sa mga bagay na ito. Kaya ko sinasabi ko na ang karunungan ay lubos na kinakailangan. Bukod dito, kapag ikaw ay nagiging simple at bukas, hindi mo maaaring sabihin nang basta-basta kung kanino man ang pribadong mga bagay. Kailangan mong pagpasyahan ang katayuan ng iyong mga kapatid para makita kung pagkatapos mong sabihin sa kanila, maaari silang maging hindi makadiyos at gawing biro ang iyong sinasabi. Magiging problema kung hahayaan nila itong makalabas; pipinsalain nito ang iyong karakter. Kaya kailangan din ng karunungan sa pagiging simple at bukas.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

Ang layunin ng pagpapalaganap ng ebanghelyo ay ang dalhin ang lahat ng naniniwalang mayroong Diyos, at handang tanggapin ang tunay na daan sa harap Niya, upang kumain at uminom ng Kanyang mga salita, maranasan ang Kanyang gawain, magtamo ng kaligtasan at makapasok sa Kanyang kaharian. Ito ang layunin at kahulugan ng pangangaral ng ebanghelyo. Ang mga prinsipyo at mga pamamaraan ng pagbabahagi ng ebanghelyo ay, siyempre, natutukoy batay sa mga layunin at kahulugan ng pangangaral ng ebanghelyo. Kung hindi makakamit ng mga prinsipyo at mga pamamaraan ng pagsasagawa ng mga tao ang layunin at epekto ng pagbabahagi ng ebanghelyo, nagpapatunay ito na mali ang gayong mga prinsipyo at mga pamamaraan at na mayroong paglihis. Upang magkamit ng magagandang resulta, kapag nangangaral ng ebanghelyo, kailangang pagtuunan ng higit na pansin ng mga tao ang paggamit ng karunungan at ilang kaparaanan. Ito ay dahil sa kasalukuyang mundong ito ng kasamaan at kadiliman, kahit sa mga bansang may kalayaan sa relihiyon, kinokontrol ng mga anticristo at mga demonyo ang lahat ng relihiyosong pamayanan at isinusumpa at nilalabanan ng mga ito ang gawain ng Diyos. Bukod pa roon, ginagawa ng lahat ng uri ng satanikong rehimen ang lahat ng kanilang makakaya upang labanan ang Diyos at sirain ang Kanyang gawain, at

tinatangkang supilin ito. Samakatuwid, nangangailangan ng paggamit ng matatalinong kaparaanan ang pagsasakatuparan ng kalooban ng Diyos at pagpapalaganap ng ebanghelyo ng kaharian Niya sa buong mundo; sa ganitong paraan lamang makakamit ang layuning magdala ng kaligtasan sa mga tao. Ito ang prinsipyo ng pagsasagawa ng pagbabahagi ng ebanghelyo. Dahil sa pag-uusig, pagsugpo at pagtugis ng mga puwersa ni Satanas, hindi madaling mangaral ng mga ebanghelyo dahil dapat makamit ng hinirang na mga tao ng Diyos ang pagkamtan ng mga tao habang pinangangalagaan din ang kanilang mga sarili. Kung hindi gagamit ng matatalinong pamamaraan, nanganganib na mabigo ang isang tao; kung magkagayon, malamang na malamang na hindi lamang siya mabibigong makumbinsi ang sinuman, kundi sa kabaligtaran, maaari siyang maipagkanulo ng masasamang puwersa na lumalaban sa Diyos o mabihag ng malaking pulang dragon. Napakaraming aral tulad nito na dapat matutuhan. Samakatuwid, kapag nagpapalaganap ng ebanghelyo, kailangang pagtuunan ng natatanging pansin ng hinirang ng Diyos ang paggamit ng mga kaparaanan na nakabatay sa karunungan. Walang mga prinsipyo at karunungan ang ilang tao kapag nagpapalaganap ng ebanghelyo, at sa halip ay gumagamit ng mas direktang mga pamamaraan, mahigpit na sinusunod ang mga panuntunan—tiyak na mabibigong magkamit ng mga resulta ang gayong pagsasagawa. Saanmang kapaligiran, maaaring magpatuloy ang mga tao na magpalaganap ng ebanghelyo hangga’t magagarantiya nila na makukumbinsi nila ang iba at na sila mismo ay hindi mabibihag ni Satanas.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Kapag kinukuwestiyon ng malaking pulang dragon, higit na mabuti ang kamatayan kaysa pagsasabi ng anumang bagay. Ito ang tugatog ng karunungan. Ang pagsasagawa ng katotohanan at pagiging matapat ay mga bagay na dapat gawin sa harap ng Diyos at sa harap ng mga kapatid; walang obligasyon ang mga tao na sabihin ang katotohanan kay Satanas

at sa mga demonyo. Ang tanging paraan para tratuhin si Satanas ay ang kapootan ito, sumpain ito, at tanggihan ito. Ito ang di-nababagong paninindigan ng mga Kristiyano. Noong Kapanahunan ng Biyaya, sinabi ng Panginoong Jesus, "**Mangagpakatalino nga kayong gaya ng mga ahas at mangagpakatimtimang gaya ng mga kalapati**" (Mateo 10:16). Sinasabi ng mga salitang ito sa mga tao na maging matalino kapag nakikitungo kay Satanas, at huwag sabihin dito ang katotohanan. Ang sabihin ang katotohanan kay Satanas at bigyan ito ng impormasyon ang pinakahangal na gawain sa lahat; pagbibigay iyon ng iyong sarili sa patibong nito at pag-aanyaya ng iyong sariling pagkawasak. Pagkapuksa ito gawa ng kamangmangan, ganoon lang kasimple. Kaya pagdating kay Satanas, kailangan mong maging matalino; kung hindi, nanganganib kang malublob sa mga tukso. Kahinaan lamang ng tao ang hindi pag-amin na naniniwala ka sa Diyos kapag kinuwestiyon ng malaking pulang dragon; hindi ka isusumpa ng Diyos. Hindi ka Niya isusumpa bilang isang nagsisinungaling sa Kanya at ikinakaila Siya, lalong hindi ka maaaring isumpa ng iglesia; tatanggapin ka pa rin nito, at pakikitunguhan ka nang may pagmamahal. Subalit kung sasabihin mo sa malaking pulang dragon ang mga bagay tungkol sa iglesia—lalo na kung ipagkakanulo mo ang iyong mga kapatid, mga pinuno at manggagawa ng iglesia, o ang mga sambahayan kung saan itinatago ang mga handog—isa kang Judas na tumalikod sa Diyos. Isusumpa ka ng Diyos, at habambuhay kang ititiwalag ng iglesia. Kailangang malinaw sa iyo ang mga kahihinatnan.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

124. Ang Mga Prinsipyo ng Pakikipag-ugnay sa Iba

(1) Dapat na may prinsipyo sa pakikipag-ugnayan sa iba. Dapat makipag-ugnay sa mga taong nagmamahal sa katotohanan, dumadaan sa tamang landas, at gumagawa ng disenteng trabaho, at hindi sumasama sa mga lobo at asong asero;

(2) Dapat maging tapat ang mga tao, may kakayahan ng pagrespeto

sa isa't isa, pag-unawa, pagpapaubaya, at pasensya, at nagtutulungan nang taos-puso. Ito ang ibig sabihin ng pagmamahal sa isa’t isa.

(3) pag-aralang tratuhin ang iba nang patas, hindi sila labis na tinatasa o minamaliit. Tugunan ang kanilang mga pagkukulang at pagkakasala nang may pagmamahal na tulong;

(4) Dapat matutong kilalanin ang bawat uri ng tao. Makipag-ugnay nang higit pa sa mga nagmamahal sa katotohanan, at iwasan ang mga mapanlinlang at masasamang tao na hindi mahal ang katotohanan.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Walang kabuktutan o panlilinlang sa mga disposisyon ng normal na mga tao, normal ang relasyon ng mga tao sa isa’t isa, hindi sila nag-iisa, at ang kanilang buhay ay hindi karaniwan ni bulok. Gayundin naman, dinadakila ang Diyos sa lahat; ang Kanyang mga salita ay lumalaganap sa tao, namumuhay ang mga tao nang payapa sa piling ng isa’t isa at sa pangangalaga at proteksyon ng Diyos, ang lupa ay puspos ng pagkakasundo, na walang panghihimasok ni Satanas, at ang kaluwalhatian ng Diyos ang itinuturing na pinakamahalaga sa tao. Ang gayong mga tao ay parang mga anghel: dalisay, masigla, hindi kailanman nagrereklamo tungkol sa Diyos, at inilalaan ang lahat ng pagsisikap nila para lamang sa kaluwalhatian ng Diyos sa lupa.

Hinango mula sa “Kabanata 16” ng Mga Pakahulugan sa mga Hiwaga ng mga Salita ng Diyos sa Buong Sansinukob sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung nais mong magkaroon ng normal na kaugnayan sa Diyos, kailangang bumaling ang puso mo sa Diyos. Sa pundasyong ito, magkakaroon ka rin ng normal na kaugnayan sa ibang tao. Kung wala kang normal na kaugnayan sa Diyos, anuman ang gawin mo upang mapanatili ang iyong kaugnayan sa ibang tao, gaano ka man magsumikap o gaanong lakas man ang iyong ibuhos, tutukoy lamang ang lahat ng ito sa isang pilosopiya ng tao sa pamumuhay. Pinananatili mo ang iyong katayuan sa mga tao sa pamamagitan ng isang pananaw ng tao at isang pilosopiya ng tao upang purihin ka ng mga tao, ngunit hindi mo sinusunod

ang salita ng Diyos para magtatag ng mga normal na kaugnayan sa mga tao. Kung hindi ka magtutuon ng pansin sa iyong mga kaugnayan sa mga tao kundi magpapanatili ng isang normal na kaugnayan sa Diyos, kung handa kang ibigay ang puso mo sa Diyos at matututong sundin Siya, natural lamang na magiging normal ang iyong mga kaugnayan sa lahat ng tao. Sa ganitong paraan, hindi itinatatag ang mga kaugnayang ito sa laman, kundi sa pundasyon ng pagmamahal ng Diyos. Halos walang pakikipag-ugnayan sa laman, ngunit sa espiritu ay may pagsasamahan, pagmamahalan, kapanatagan sa isa't isa, at paglalaan para sa isa't isa. Lahat ng ito ay ginagawa sa pundasyon ng isang pusong nakakalugod sa Diyos. Ang mga kaugnayang ito ay hindi pinananatili sa pag-asa sa pilosopiya ng tao sa pamumuhay, kundi likas na likas na nabubuo sa pamamagitan ng pagdadala ng isang pasanin para sa Diyos. Hindi nito kinakailangan ang pagsisikap na gawa ng tao. Kailangan mo lamang magsagawa ayon sa prinsipyong salita ng Diyos. Handa ka bang isaalang-alang ang kalooban ng Diyos? Handa ka bang maging isang taong "walang katwiran" sa harap ng Diyos? Handa ka bang ibigay nang lubusan ang puso mo sa Diyos at balewalain ang iyong katayuan sa mga tao? Sa lahat ng taong nakakasalamuha mo, kanino ka may pinakamagagandang kaugnayan? Kanino ka may pinakamasasamang kaugnayan? Normal ba ang mga kaugnayan mo sa mga tao? Tinatrato mo ba nang pantay-pantay ang lahat ng tao? Pinananatili mo ba ang iyong mga kaugnayan sa iba ayon sa iyong pilosopiya sa pamumuhay, o nakatatag ba ang mga ito sa pundasyon ng pagmamahal ng Diyos? Kapag hindi ibinibigay ng isang tao ang kanyang puso sa Diyos, ang kanyang espiritu ay nagiging mapurol, manhid at walang malay. Hindi mauunawaan ng ganitong klaseng tao ang mga salita ng Diyos kailanman at hindi magkakaroon ng normal na kaugnayan sa Diyos kailanman; ang disposisyon ng ganitong klaseng tao ay hindi kailanman magbabago.

Hinango mula sa "Napakahalagang Magtatag ng Isang Normal na Kaugnayan sa Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang isang normal na kaugnayan sa pagitan ng mga tao ay itinatatag sa pundasyon ng pagbibigay ng kanilang puso sa Diyos, at hindi sa pamamagitan ng pagsisikap ng tao. Kung wala ang Diyos sa kanilang puso, ang mga kaugnayan sa pagitan ng mga tao ay mga kaugnayan lamang ng laman. Hindi normal ang mga ito, kundi sa halip ay pagpapalayaw sa pagnanasa ng laman. Mga kaugnayan ang mga ito na kinamumuhian ng Diyos, na Kanyang kinasusuklaman. Kung sasabihin mo na ang iyong espiritu ay naantig, ngunit gusto mo palaging makisalamuha sa mga taong gusto mo, sa sinumang tinitingala mo, at kung may ibang taong naghahangad ngunit hindi mo sila gusto, at mayroon ka pang ayaw sa kanila at ayaw mo silang pakisamahan, dagdag na patunay ito na maramdamin ka at ni wala ka man lang normal na kaugnayan sa Diyos. Tinatangka mong linlangin ang Diyos at ikubli ang sarili mong kapangitan. Kahit may maibabahagi kang kaunting pagkaunawa subalit mali ang iyong mga layon, lahat ng ginagawa mo ay mabuti lamang ayon sa mga pamantayan ng tao. Hindi ka pupurihin ng Diyos—kumikilos ka ayon sa laman, hindi ayon sa pasanin ng Diyos. Kung nagagawa mong patahimikin ang puso mo sa harap ng Diyos at mayroon kang normal na pakikipag-ugnayan sa lahat ng nagmamahal sa Diyos, saka ka lamang angkop na kasangkapanin ng Diyos. Sa ganitong paraan, gaano ka man nakikisalamuha sa iba, hindi ito magiging ayon sa isang pilosopiya sa pamumuhay, kundi magiging sa harap ng Diyos, pamumuhay sa isang paraan na nagsasaalang-alang sa Kanyang pasanin. Ilan ang mga taong kagaya nito sa inyo? Talaga bang normal ang mga kaugnayan mo sa iba? Sa anong pundasyon nakatatag ang mga ito? Ilang pilosopiya sa pamumuhay ang nasa iyong kalooban? Itinakwil mo na ba ang mga ito? Kung hindi lubos na makabaling ang puso mo sa Diyos, hindi ka maka-Diyos—mula ka kay Satanas, at ibabalik ka kay Satanas sa bandang huli. Hindi ka karapat-dapat na makabilang sa mga tao ng Diyos.

Hinango mula sa “Napakahalagang Magtatag ng Isang Normal na Kaugnayan sa Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa tahanan ng Diyos, ang ipinamumuhay at inihahayag ng mga tao sa lahat ng mga sitwasyon ay nararapat na mayroong katotohanan bilang prinsipyo at pundasyon nito. Kung namumuhay ka sa ganyang kapaligiran, may pagkakapantay-pantay sa mga tao, at ang kaugnayan ng lahat sa Diyos ay ang kaugnayan sa pagitan ng isang nilikha at ng Lumikha; dahil doon, ang mga pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga tao ay nagiging mas simple at mas madali. Saka lamang tunay na mapapalaya ang mga tao at magiging malaya kung paano sila mamumuhay, at magiging tunay na masaya. Nakamit na ba ninyo ito o hindi pa? (Hindi.) Kung ganoon, ano ang ipinamumuhay mo? (Ang mga pilosopiya ni Satanas at tiwaling disposisyon.) Hindi pa kayo nakalaya mula sa mga pilosopiyang iyon ng pamumuhay o napakawalan ang inyong mga sarili mula sa buhay-kapaligiran ng pagsusumikap para sa katanyagan at kayamanan, at ng paninibugho at pakikipag-alitan; ang namumuno at namamahala sa inyo ay pawang tiwaling satanikong disposisyon. Kaya nga, ang inyong paraan ng pamumuhay ay lubhang nakakapagod, at madalas kang nakakaramdam ng ganito: “Bakit ba ang buhay sa tahanan ng Diyos ay sobrang katulad ng buhay sa mundo? Nakakahapo din ang buhay dito at kailangan kong mag-ingat palagi sa lahat ng ginagawa ko, at palagi kong inoobserbahan ang reaksyon ng mukha ng mga tao bago ako kumilos.” Paano nangyari ang kalagayang ito? Nangyari ito dahil mali lahat ang iyong mga prinsipyo ng pag-uugali, pananaw sa mga bagay-bagay, at mga paraan ng pangangasiwa ng mga bagay-bagay; hindi ka kumikilos nang naaayon sa mga katotohanang prinsipyo. Ang lahat ng bagay ay may mga pasimula at mga pundasyon—kung ganoon, ano ang una at pinakapangunahing bagay na dapat mong lutasin? Una, kailangan mong suriin at kilalanin ang iyong mga kaisipan, ang iyong mga ideya, ang iyong kaalaman, at ang iyong mga pananaw. Ano naman pagkatapos? (Hanapin kung anong uri ng pananaw ang nararapat na gamitin sa pagtingin sa mga bagay sa paligid mo, kung paano ka dapat makitungo sa mga iyon, at anong mga prinsipyo ang dapat na gamitin sa iyong mga kilos.) Nangangailangan ito ng pagsasanay. Sa totoong buhay, mayroon dapat isang pinakapangunahing prinsipyo ng

pantaong pakikipag-ugnayan: Ang bawat isa ay dapat na tumayo sa wastong himpilan ng isang nilalang na tao, nananatili sa kanilang sariling tungkulin; walang sinuman ang mas mabuti o mas masama kaysa iba. Lahat ng tao ay nararapat na kumilos ayon sa mga katotohanang prinsipyo, kumakawala sa mga pilosopiya ukol sa pamumuhay, sa mga prinsipyo at mga paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay ni Satanas, at makitungo sa iba ayon sa mga katotohanang prinsipyo, hinihingi na pakitunguhan din sila ng iba ayon sa mga parehong katotohanang prinsipyong iyon. Sa ngayon, ito ang uri ng kapaligirang dapat na mahubog sa inyo; sa lahat ng dako ng buong iglesia, sa lahat ng mga kapatiran, isang uri ng kapaligiran ang dapat na malikha—ang uri na dapat mayroon ang pamilya ng Diyos at dapat na umiiral sa mga kapatiran upang ikaw o sinuman ay hindi malimitahan. Hindi mo lilimitahan ang iba, at hindi ka nila lilimitahan—ito ay isa pang prinsipyo ng pagsasagawa, at ito ang pinakapangunahing prinsipyo sa pagpapanatili ng normal na mga pakikipag-ugnayan sa iba.

Hinango mula sa “Sa Paghahanap Lamang ng Katotohanan Malalaman ng Isang Tao ang mga Gawa ng Diyos” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ano ang tiyak na kabilang sa pagkilos ayon sa prinsipyo? Halimbawa sa usapin ng pakikitungo sa iba, ano ang mga prinsipyo sa kung paano makitungo sa mga may katayuan at mga wala, gayundin sa mga karaniwang kapatid at mga pinuno at manggagawang nasa iba’t ibang antas? Hindi mo maaaring pakitunguhan ang iyong mga kapatid na katulad ng pakikitungo ng mga hindi naniniwala sa mga tao; dapat kang maging patas at makatuwiran. Hindi ka maaaring maging malapit sa isang ito, ngunit hindi sa isang iyon; ni hindi ka dapat bumuo ng mga grupo o barkada. hindi mo maaaring apihin ang mga tao dahil hindi mo sila gusto, o purihin ang mga kinatatakutan. Ito ang ibig sabihin ng mga prinsipyo. Dapat kang magkaroon ng prinsipyo sa pakikitungo sa ibang mga tao; dapat mo silang pakitunguhan lahat nang patas. Kung hinihikayat mo ang mga sa tingin mong mabuting nasa iyong tabi habang ibinubukod ang mga mahirap lapitan, hindi ka ba nagkukulang sa mga prinsipyo? Ito ang pilosopiya ng

mga hindi naniniwala sa pamumuhay sa mundo, at ito ang prinsipyo sa likod ng paraan kung paano nila pakitunguhan ang ibang tao. Ito ay kapwa ugali at lohikang sataniko. Ayon sa anong prinsipyo mo dapat tratuhin ang mga miyembro ng pamilya ng Diyos? (Tratuhin ang bawat isang kapatid nang patas.) Paano mo sila tinatrato nang patas? Lahat ay may maliliit na pagkakamali at pagkukulang, maging ng ilang kakatwang gawi; lahat ng tao ay may taglay na pagmamagaling, kahinaan, at mga aspeto kung saan sila nagkukulang. Dapat kang tumulong sa kanila nang may pusong mapagmahal, maging mapagparaya at matiisin, at huwag maging masyadong malupit o huwag mong palakihin ang bawat maliit na detalye. Sa mga taong bata pa o bago pa lang na nananalig sa Diyos, o kailan lang nagsimulang gumanap sa kanilang mga tungkulin at may ilang espesyal na kahilingan, kung basta mo na lang sasamantalahin ang mga bagay na ito at gagamitin ang mga ito laban sa kanila, ito ang tinatawag na pagmamalupit. Hindi mo pinapansin ang kasamaang ginawa ng mga bulaang lider at anti-cristong iyon, subali't kapag namataan mo ang maliliit na pagkukulang at pagkakamali ng iyong mga kapatid, ayaw mo silang tulungan, sa halip ay pinipili mong palakihin ang mga bagay-bagay at hinuhusgahan sila nang talikuran, sa gayo'y dumarami pa ang mga taong kumokontra, hindi nagsasali, at nagbubukod sa kanila. Anong klaseng pag-uugali iyan? Paggawa lamang iyan ng mga bagay-bagay ayon sa sarili mong kagustuhan, at hindi pagtrato nang patas sa mga tao; nagpapakita iyan ng isang tiwali at napakasamang disposisyon! Paglabag iyan! Kapag gumagawa ang mga tao ng mga bagay-bagay, nakamasid ang Diyos; anuman ang ginagawa mo at paano ka man nag-iisip, nakikita Niya iyon! Kung nais mong maunawaan ang mga prinsipyo, kailangan mo munang maunawaan ang katotohanan. Kapag nauunawaan mo na ang katotohanan, mauunawaan mo ang kalooban ng Diyos; kung hindi mo nauunawaan ang katotohanan, tiyak na hindi mo mauunawaan ang kalooban ng Diyos. Sinasabi sa iyo ng katotohanan kung paano tratuhin ang mga tao, at kapag naunawaan mo na ito, malalaman mo kung paano tratuhin ang mga tao ayon sa kalooban ng Diyos. Malinaw na ipinapakita at

ipinahihiwatig sa mga salita ng Diyos kung paano mo dapat tratuhin ang iba; ang saloobin ng Diyos sa pagtrato sa sangkatauhan ang saloobing dapat taglayin ng mga tao sa pagtrato nila sa isa't isa. Paano tinatrato ng Diyos ang bawat isang tao? Ang ilang tao ay isip-bata, o bata pa, o nanalig na sa Diyos sa loob ng maikling panahon. Maaring nakikita ng Diyos ang mga taong ito bilang hindi masama ni malisyoso ang kalikasan at esensya; medyo mangmang lang sila o kulang sa kakayahan, o narumihan na sila nang husto ng lipunan. Hindi pa sila nakapasok sa realidad ng katotohanan, kaya hindi nila maiwasang gumawa ng ilang kalokohan o kamangmangan. Gayunman, sa pananaw ng Diyos, hindi mahalaga ang gayong mga bagay; tumitingin lamang Siya sa puso ng mga tao. Kung desidido silang pumasok sa realidad ng katotohanan, patungo sila sa tamang direksyon, at ito ang kanilang layon, sa gayo'y nakamasid sa kanila ang Diyos, naghihintay, at nagbibigay ng panahon at mga pagkakataon para makapasok sila. Hindi naman sa pinababagsak sila ng Diyos sa isang suntok, ni sinasamantala ang isang pagkakamaling minsan nilang nagawa at hindi na sila binibitawan; hindi Niya natrato nang ganito ang mga tao kahit kailan. Ngayong nabanggit iyan, kung ganyan ang pagtrato ng mga tao sa isa't isa, hindi ba nagpapakita iyan ng kanilang tiwaling disposisyon? Iyan mismo ang kanilang tiwaling disposisyon. Kailangan mong tingnan kung paano tinatrato ng Diyos ang mga taong mangmang at loko-loko, kung paano Niya tinatrato ang mga isip-bata, kung paano Niya tinatrato ang normal na mga pagpapakita ng tiwaling disposisyon ng sangkatauhan, at kung paano Niya tinatrato yaong mga may masamang hangarin. Iba-iba ang mga paraan ng Diyos sa pagtrato sa iba't ibang tao, at iba-iba rin ang mga paraan ng Kanyang pamamahala sa napakaraming kundisyon ng iba't ibang mga tao. Kailangan mong maunawaan ang katotohanan ng mga bagay na ito. Kapag naunawaan mo na ang mga katotohanang ito, malalaman mo na kung paano danasin ang mga ito.

Hinango mula sa "Para Tamuhin ang Katotohanan, Dapat Matuto Ka Mula sa Mga Tao, Mga Pangyayari, at Mga Bagay sa Paligid Mo" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung hindi pa ninyo nahahanap ang damdamin at ang mga prinsipyo ng pagiging isang banal, pinatutunayan nitong ang inyong pagpasok sa buhay ay masyadong mababaw, at na hindi pa ninyo nauunawaan ang katotohanan. Sa inyong pag-uugali at kapaligiran kung saan kayo namumuhay araw-araw, hinihingi nito sa inyong lumasap at magnilay, makisalamuha sa isa't isa, palakasin ang loob ng isa't isa, panatilihing alisto ang isa't isa, tulungan at alagaan ang isa't isa, at mag-alalayan at magbigayan sa isa't isa. Huwag laging magtuon sa pagkakamali ng iba, ngunit magnilay sa inyong sarili nang madalas, at pagkatapos ay maging handa sa pag-amin sa kapwa kung ano ang nagawa ninyo na nagsanhi sa pagkagambala o kapinsalaan sa kanila. Matuto kayong buksan ang inyong sarili at makisalamuha, at madalas na makipagtalakayan kung paano makikisalamuha sa praktikal na paraan batay sa mga salita ng Diyos. Kapag ang kapaligiran ng inyong mga buhay ay madalas na ganito, ang mga ugnayan sa pagitan ng mga magkakapatid ay nagiging normal—hindi masalimuot, walang pakialam, malamig, o malupit gaya ng mga ugnayan sa pagitan ng mga hindi mananampalataya. Unti-unti ninyong tatanggalan ang inyong mga sarili ng ganyang mga ugnayan. Nagiging mas malapit at magkapalagayang-loob ang magkakapatid sa isa't isa; nagagawa ninyong tulungan ang isa't isa, at mahalin ang isa't isa; mayroong mabuting kalooban sa inyong mga puso, o mayroon kayong kaisipan na nagagamit ninyo upang makapagpaubaya at mahabag sa isa't isa, at tinutulungan at inaalagaan ninyo ang isa't isa, kaysa sa isang kalagayan at kaugalian kung saan kayo ay nag-aawayan, nagyuyurakan, nagkakaselosan, nakikisali sa lihim na pakikipagtagisan, nagkikimkim ng mga panunuya o panghahamak sa isa't isa, o kung saan ay walang sumusunod kaninuman. Ang pamumuhay sa ganoong mga kalagayan o mga pangyayari ay lumilikha ng isang napakahirap na ugnayan sa pagitan ng mga tao. Hindi lamang ito lumilikha ng lahat ng klase ng negatibong impluwensya sa iyo at nakapananakit sa iyo, kundi negatibo ring naiimpluwensyahan at nasasaktan ang iba sa magkakaibang antas. Napakahirap, sa pangkalahatan, para sa mga taong mapagtagumpayan ito—nagagalit ka

kapag mali ang tingin sa iyo ng iba, o kapag may sinasabi silang hindi naaayon sa iyong kalooban, at kapag may ginagawa ang isang tao na pumipigil sa iyo na maipakita ang kaya mong gawin, naghihinanakit ka sa kanila, at ikaw ay hindi mapalagay at hindi masaya, at ang naiisip mo lamang ay kung paano maibabalik ang reputasyon mo. Partikular na walang kakayahan ang mga kababaihan at kabataan na pagtagumpayan ito. Lagi silang naiipit sa ganitong mga makikitid na disposisyon, mga pag-aalburoto, mga makikitid na damdamin, at mahirap para sa kanila na humarap sa Diyos. Naiipit sa buhol-buhol at masalimuot na tila sapot na ugnayang nakapulupot sa kanila, mahirap para sa mga taong manahimik sa harap ng Diyos, at manahimik sa mga salita ng Diyos. Kung gayon, dapat na matutunan mo muna kung paano makisama nang maayos sa iyong mga kapatid. Dapat kayong maging mapagparaya sa isa't isa, maluwag sa isa't isa, makita kung ano ang natatangi sa isa't isa, kung ano ang kalakasan ng isa't isa—at dapat kayong matutong tanggapin ang pananaw ng iba, at balikan ang nasa kaibuturan ng inyong sarili upang magsagawa ng pagmumuni-muni sa sarili at magtamo ng kaalaman tungkol sa sarili. Huwag mong bigyang-layaw ang sarili mo, o palayain ang iyong mga ambisyon, mga pagnanasa, o ang iyong mga kahinaan, at pilitin ang ibang makinig sa iyo, gawin ang sinasabi mo, humanga sa iyo, at iangat ka, samantalang hindi inaalintana ang kalakasan ng iba habang pinalalala at pinalalaki ang kanilang mga pagkukulang nang walang pagpipigil, sa lahat ng dako ay isinasapubliko, minamaliit at hinahamak ang kanilang mga pagkukulang, o gumagamit ng mga salita at iba pang mga mga paraan upang saktan at yamutin ang kapwa, nang magawa mo na sila ay sumunod sa iyo, makinig sa iyo, matakot sa iyo, at pagtaguan ka. Nais ba ninyong makitang magkaroon ng o umiral ang ganoong ugnayan sa pagitan ng mga tao? Nais ba ninyong maramdaman ang ganoon?

Hinango mula sa "Ang Pinakamahalagang Prinsipyo para sa Pagsasagawa ng Pagpasok sa Katotohanang Realidad" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung nakakaya ng mga kapatid na magsabi ng niloloob sa isa't isa,

tulungan ang isa’t isa, at tustusan ang isa’t isa, bawat tao kung gayon ay dapat magsalita ng kani-kanilang sariling tunay na karanasan. Kung hindi ka nagsasalita ng sarili mong tunay na karanasan, at nagsasalita lamang ng mga nakakapukaw na mga salita at mga salitang tungkol sa doktrina at mababababaw lamang, kung gayon ikaw ay hindi isang taong tapat, at hindi mo kayang maging matapat. Halimbawa, habang magkasamang namumuhay sa loob ng ilang taon, sinusubukan ng mag-asawang lalaki at babae na masanay sa isa’t isa, nag-aaway paminsan-minsan. Subalit, kung pareho silang may normal na pagkatao, palagi kang makikipag-usap sa kanya nang mula sa puso, at ganoon din naman siya sa iyo. Anumang mga paghihirap ang nasasagupa mo sa buhay, anumang mga problema ang nagaganap sa iyong trabaho, anuman ang pinag-iisipan mo nang malalim, paano mo man planuhing isaayos ang mga bagay-bagay, anumang mga ideya at plano ang mayroon ka para sa iyong mga anak—sasabihin mo sa iyong asawa ang lahat ng bagay. Sa ganitong paraan, hindi ba ninyo mararamdaman na lalo kayong nagiging malapit at matalik sa isa’t isa? Kung hindi niya kailanman sasabihin ang kanyang malalalim na saloobin, at walang ginagawa kundi mag-uwi ng suweldo, at kung hindi mo kailanman sinasabi sa kanya ang iyong sariling saloobin at hindi ka kailanman nagtatapat ng mga saloobin sa kanya, kung gayon, hindi ba’t may pagkakalayo ng damdamin sa pagitan ninyong dalawa? Tiyak na mayroon, dahil hindi ninyo nauunawaan ang mga saloobin o intensyon ng isa’t isa. Sa huli, hindi mo masabi kung anong uri ng tao ang iyong asawa, at hindi rin niya masabi kung anong uri kang tao; hindi mo nauunawaan ang kanyang mga pangangailangan, at hindi rin niya nauunawaan ang sa iyo. Kung walang pasalita o espirituwal na pakikipag-usap, kung gayon ay walang anumang posibilidad na maging matalik sila sa isa’t isa, at hindi nila magagawang tustusan ang isa’t isa o tulungan ang isa’t isa. Naranasan niyo na ito noon, hindi ba? Kung ipinagtatapat ng iyong kaibigan ang lahat ng bagay sa iyo, sinasabi ang lahat ng kanyang iniisip at anumang pagdurusa o kaligayahan na mayroon siya, kung gayon, hindi mo ba nararamdaman na partikular kang malapit sa kanya? Ang dahilan kung

bakit handa siyang sabihin sa iyo ang mga bagay na ito ay dahil nagawa mo ring ipagtapat sa kanya ang pinakamalalalim mong saloobin; ikaw ay partikular na malapit sa kanya, at dahil dito kaya nagagawa mong pakisamahan siya at tulungan ang isa't isa. Kung wala ang ganitong uri ng pagtatalastasan at pagpapalitan sa gitna ng mga kapatiran sa iglesia, hindi kailanman magkakaroon ng pagkakaayun-ayon sa gitna ng mga kapatiran. Ito ang isa sa mga kinakailangan sa pagiging tapat.

Hinango mula sa "Ang Pinakasaligang Pagsasagawa ng Pagiging Isang Taong Tapat" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kailangan mong lumapit sa mga tao na nagsasalita ng katotohanan, na sumasaway at naglalantad sa iyo kung karapat-dapat, anuman ang iyong katayuan, ngunit, gaano man ang kanilang paglalantad at pagsaway sa iyo, makakatulong sa iyo at mababantayan ka. Kailangan mong lumapit sa mga ganitong tao; sila'y kagalang-galang na mga tao na naghahangad ng katotohanan. Huwag mong nasain ang pakikisama ng mga mapanlinlang na mga tao na madudulas; iwasan mo ang mga gayong tao. Ito ang tamang daan. Walang pakialam sa iyong katayuan at kontribusyon ang mga taong kagalang-galang na naghahangad sa katotohanan; kahit na magbanta kang papalitan sila, handa silang tanggapin ang panganib, na nagsasalita pa rin nang tahasan at kumikilos sang-ayon sa prinsipyo, na tinatrato ka sang-ayon sa mga prinsipyo na ginagamit ng tahanan ng Diyos upang tratuhin ang mga tao. Kapag lumalabag sa prinsipyo ang iyong mga pagkilos, inilalantad ka ng mga taong ito, pinapayuhan ka, at itinuturo ang iyong mga suliranin nang lantaran at walang inililihim. Hindi sila natatakot na masaktan ang iyong pagmamataas, at ipapahiya ka pa nga sa harap ng maraming tao at susukulin ka. Paano mo tatratuhin ang ganitong mga tao? Kailangan mo ba silang parusahan o panatilihing malapit? (Panatilihing malapit.) Tama iyan, ngunit huwag ninyong ipilit ang paggawa nito—medyo hindi matapat iyon. Kapag hindi mabuti ang pakiramdam mo, mabuting lumayo sa kanila panandalian; hintayin mo hanggang nauunawaan mo bago ka magtungo at magbahagi sa kanila: "Tama ang iyong mungkahi;

nagmamataas ako at nagmamalasakit para sa katayuan sa aking puso. Inisip ko na dahil naging pinuno ako nang napakatagal, dapat ay pinalampas mo ang aking pagmamataas sa harap ng mga taong iyon, ngunit ngayon ay nakikita ko na ang aking mga ginawa ay taliwas sa prinsipyo at walang katotohanan, at hindi ko dapat ginawa ang mga iyon. Ano ang katuturan ng pagkakaroon ng gayong katayuan? Hindi ba't tungkulin? Pantay-pantay tayong lahat. Mayroon lamang akong mas maraming pananagutan kaysa sa iyo, iyon lang. Sa hinaharap, sabihin mo kung anuman ang gusto mo. Walang masamang damdamin sa pagitan natin. Sa tahanan ng Diyos, sa harapan ng Diyos, at sa harapan ng katotohanan, tayo'y nagkakaisa, at walang namamagitan sa atin." Ito ang saloobin ng pagsasagawa at pagmamahal sa katotohanan. Ano ang kailangan mong gawin kung nais mong iwasan ang landas ng mga anticristo? Kailangan mong aktibong lumapit sa mga kagalang-galang na tao na nagmamahal sa katotohanan. Lumapit sa mga taong makapagbibigay sa iyo ng payo, na pupuna sa iyo sa iyong harapan, na hindi naglalangis, na itinuturo kapag gumagawa ka ng mali, at kapag itinataas at nagpapatotoo ka sa iyong sarili at nagsisikap na manlinlang ng kapwa. Ito ang tamang landas.

Hinango mula sa "Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (2)" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Nasa anong pangkat ka man, kung kaya mong pagtagumpayan ang inggit, mga alitan, panunuya, at panghahamak na umiiral sa pagitan ng mga tao, at ang iba pang uri ng pananakit at mga pamamaraan na ginagamit ng mga tao sa kanilang pakikitungo sa isa't isa, kung kaya mong matukoy ang mga ito, at di mapamahalaan ng mga bagay na ito, at harapin ang mga ito nang tama, nang hindi bumabalik sa pagiging mainitin ang dugo, pagiging natural, o isang tiwaling disposisyong sataniko, ang iyong mga ugnayan sa ibang mga tao ay magiging normal, at sa kabuuan, magagawa mong makisama nang maayos sa iba. Kung maayos ang pakikisama mo sa pangkaraniwang tao, at hindi ka nakokontrol o nagugulo

ng sinumang tao, anumang suliranin, o bagay kapag may kasama kang ibang tao, kung gayon ang kalagayan mo ay magiging normal, at mamumuhay ka sa harapan ng Diyos. Saanman may mga tao ay magkakaroon ng pagtatalo. Kung hindi ka namumuhay alinsunod sa katotohanan kapag may mga pagtatalo, masasangkot ka sa mga ito. Ano ba ang napapaloob sa mga pagtatalo? Sigalot, inggit, galit, panghahamak, pakikipagtagisan, panghuhusga sa isa't isa, pakikipagpaligsahan sa isa't isa para sa mas mataas na posisyon, paghahambing ng mga kaloob, kakayahan, pangangatawan, kagandahan, kakayahan, kalagayan, reputasyon, tungkulin, kung kaninong talumpati ang mas may bigat, kung sino ang mas kapaki-pakinabang, at kung sino ang mas malakas. Ginugugol mo ang buong araw sa paghahambing sa sarili mo sa iba sa mga bagay na ito, nasasangkot sa ganitong mga pagtatalo, walang kakayahan sa karaniwang buhay espirituwal, at sa pagkakaroon ng normal na kapayapaan sa harap ng Diyos. Sa iyong puso, madalas kang masasangkot sa ganitong mga pagtatalo, sa mga pag-aaway at alitan, na hindi lamang makapananakit sa iyo, kundi sa iba rin, at kaya naman hindi ka kailanman makahaharap sa Diyos. Kapag may nagsabi ng hindi mabuti sa iyo, magiging negatibo ka; kapag mayroong mas magaling sa iyo, mas may kakayahan kaysa sa iyo, at may mas mabilis na pag-iisip kaysa sa iyo, nababalisa ka, at gusto mong makipagpaligsahan sa kanila. Nakaaawa, nakapapagod, at masakit na paraan ng pamumuhay ang laging maipit sa ganitong mga kalagayan. At hindi ba ito nakagagambala sa espirituwal na buhay? Kung hindi mo magagawang hanapin ang daan para makaalis dito, madalas na makararanas ng kawalan ang buhay mo.

Hinango mula sa "Ang Pinakamahalagang Prinsipyo para sa Pagsasagawa ng Pagpasok sa Katotohanang Realidad" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Labis nang nagawang tiwali ni Satanas ang mga tao, at nagkukulang sila sa pag-unawa ng katotohanan, kaya kailangang magparaya sa lahat ng klase ng tao—at ano ang naging kapalit ng maraming taon Ko ng pagpaparaya? Nagpaparaya ako sa lahat; mapagparaya ako sa lahat, at

hindi kailanman malupit; nagbibigay at nakikisalamuha ako sa mga tao, marahang nagbibigay-direksyon sa usapan, nagpapabatid sa kanila, nagpapaunawa sa kanila ng dahilan sa likod ng mga bagay, at ganito akong makitungo sa lahat. Kung walang umuubra, anuman ang sabihin ko, hinahayaan ko ang mga ito. Huwag maging mataas ang tingin mo sa iyong sarili na kapag hindi ka pinakinggan ng iba, sumasama ang loob mo at pakiramdam mo ay nagdusa ka sa matinding panghahamak. Hindi ito mahalaga. Ang bagay na napakahalaga ay na anuman ang gawin mo, gawin mo ito sa harap ng Diyos; ipaalam mo ang tungkol sa sarili mo sa Diyos. Lahat ng ginagawa mo ay dapat na makabubuti sa iba. Sa inyo, marahil ay may pagkamabigat ang hinihinging ito, ngunit ito ay dahil nagkukulang ang mga tao sa ganoong pagkatao at tayog. Higit sa lahat, dapat mong isaalang-alang kung paano mapananatili ang normal na kalagayan habang namumuhay ka sa harap ng Diyos. Ano ang kailangan mong gawin kapag tila sasabog na ang pagiging natural at pagiging mainitin ang dugo? Magmadali ka sa harap ng Diyos at tawagin mo ang pangalan Niya. Kapag tinawag mo ang pangalan Niya, mararamdaman mong mawawala at maglalaho ang iyong galit at sama ng loob. Saan napupunta ang mga ito? Bakit bigla na lamang hindi mo na maalala ang mga kakaibang saloobin at mga teoryang nasa isipan mo? Ano ang nangyayari? Inaalis ng Diyos ang lahat ng mga bagay na ginawa ni Satanas, at ang mga pangangatuwiran at mga bagay na nakapagpapainit ng dugo sa isipan ng tao, na nagbibigay sa iyo ng kapayapaan at kaligayahan, pinapayapa ang iyong puso nang paunti-unti, at sinasabi mo sa sarili mo: “Paano ako naging napakapusok ngayon lang? Paano ako naging napakahangal? Napakahunghang? Ano ang naging halaga noon? Galit na galit ako—mabuti na lamang at tinawag ko ang Diyos at tinulungan Niya ako at binigyan ng lakas; naroon talaga ang Diyos, sa likuran ko. Pinangalagaan Niya ako at pinigilan ako sa pagkakasala laban sa Kanya. Talagang nadarama ko ang kanyang biyaya.” Ang pagpaparaya, pagmamahal, at habag ng Diyos ay walang hanggan, at kailangang matutunan ng mga taong humarap sa Diyos upang humingi ng mga ito at

tanggapin ang mga ito. Hangga't mayroon kang pananampalataya at katapatan, ibibigay ng Diyos sa iyo ang mga bagay na ito, at tutulungan kang makamit ang lahat ng ito. Hindi magagawa ng isang tao ang ganoong mga bagay, ngunit kaya ito ng Diyos. Kaya bago ka gumawa ng anuman, dapat mo munang pag-isipan kung ito ay talagang kinakailangan. Kung hindi mo pa ito masyadong napag-iisipan, siguruhin mong payapa ka. Bago ang lahat ng ginagawa mo, bago ka sumabog sa init ng dugo mo, kailangan mo munang pakalmahin ang iyong sarili, tawagin ang pangalan ng Diyos, at isipin kung ang ginagawa mo ay alinsunod sa Kanyang kalooban; kung ang ginagawa mo ay hindi kasiya-siya sa Diyos, tutulungan ka Niyang supilin ang init ng dugo mo, nang paunti-unti, at ayusin ang sitwasyon. May pakinabang ba ito sa iyo? Kung ang mga tao ay masyadong mailap kapag sila ay magkakasama, mahihirapan silang bumalik sa pinakaunang kalagayan ng kanilang ugnayan, kaya, kapag ikaw ay pabulalas na, kapag malapit nang sumabog ang pagiging natural at ang init ng ng dugo mo, at kapag ang pagiging natural at init ng dugong ito ay makasasakit ng kapwa, dapat ay mag-isip ka sandali, at siguruhing mas magdasal sa Diyos. Ang mga kapatid sa simbahan, mga miyembro ng pamilya—dapat na makitungo ka nang maayos sa kanilang lahat. Ito ang pinakamaliit na kailangan. Kapag naayos ng isang tao ang mga ugnayang ito, ang tayog nila ay magiging husto at talagang magkakaroon sila ng kakayahan na tumanggap ng mga gawain at magdala ng pananagutan, at matatanggap nila ang tagubilin ng Diyos.

Hinango mula sa "Ang Pinakamahalagang Prinsipyo para sa Pagsasagawa ng Pagpasok sa Katotohanang Realidad" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sa kasalukuyan, ang tayog ng maraming tao ay pambata pa, at wala silang kakayahang alisin ang mga patatalo sa paligid nila; madalas silang naiipit, na para bang sila ay dinudurog sa gilingan ng karne, at ang mga panggiling nito ay pinipira-piraso sila at iniiwan silang lasog-lasog—at, sa huli, kapag ang bahay ng Diyos ay nagtatagubilin sa iyo na gawin ang isang partikular na gawain at gampanan ang iyong tungkulin, hindi mo ito

kayang gawin. Hindi naman dahil sa ayaw mo, at hindi naman dahil sa hindi mo napagpasiyahan o napagdesisyunang gawin ito, o kulang ka sa pananalig, at lalong hindi ka nagkukulang sa kakayahan. Sa halip, ito ay dahil ang iyong tayog ay masyadong maliit, at hindi mo mapakitunguhan ang mga kumplikadong tao, usapin, at mga bagay sa paligid mo, na nakapagdudulot sa iyo ng iba't ibang antas ng pagkagambala, at pumipigil sa iyong kunin ang gawaing iyon, at tanggapin ang tagubilin sa iyo at tapusin ang mga gawain sa iyong tungkulin. Sa huli, kung hindi ka nadungisan ng mga tukso ng kayamanan o romansa, madudungisan ka sa iba't iba pang masalimuot na kaugnayan sa ibang tao, at masasangkot sa mga pagtatalo, o mawawalan ka ng ideya kung paano gawin ang ilang bagay, at matitigilan ka, o maiipit ka sa ilang usapin habang bihag ng pagiging negatibo, at walang kakayahang sumulong. Saan kaya napunta ang iyong paninindigan, pagpupunyagi, pananampalataya, at pagtitiyaga? Habang nahaharap sa ganitong mga bagay, ang iyong pananampalataya, pagpupunyagi at paninindigan ay magiging hindi karapat-dapat sa pinakabahagyang pagbanggit, at babagsak sa unang dagok. Kaya kung mayroon kang pag-asa at naisin na mabuti at positibo, at manumpa ka sa harap ng Diyos, sa pag-asang tutulungan ka ng Diyos na makamit ang iyong naisin, ang unang kailangan ay ang magtaglay ka ng sapat na tayog at katotohanan upang makayanan mo ang mga pagtatalo, at gayundin ang mga tao, usapin, at mga bagay sa paligid mo. Anuman ang nangyayari sa paligid mo, at anuman ang iyong konteksto ng mga tao, mga suliranin, at mga bagay, o ng kapaligiran kung saan ka namumuhay, kapag may kakayahan ka nang tuparin ang tungkulin mo nang matapat, at harapin ang mga bagay na ito nang may katotohanan, at sumunod sa katotohanang prinsipyo, at hindi ka nagpasakop, nagapi, o nagulo ng mga bagay na ito—sa pagkakataong iyan ka makapagpapatuloy sa daan pasulong; doon lamang aakyat sa susunod na antas ang iyong tayog at ang iyong pagpasok sa katotohanan.

Hinango mula sa "Ang Pinakamahalagang Prinsipyo para sa Pagsasagawa ng Pagpasok sa Katotohanang Realidad" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

125. Ang mga Prinsipyo ng Pagbukas ng Puso sa Iba

(1) Kapag nakikipag-usap sa isang nagmamahal ng katotohanan, dapat magsalita mula sa puso. Ilantad ang iyong totoong kalagayan at ang iyong mga paghihirap, at hanapin ang katotohanan, upang magkamit ka ng mapagmahal na tulong;

(2) Kinakailangang tratuhin ang iba nang may katapatan at makipag-ugnayan sa kanila nang may pagmamahal, at magsalita ayon sa katotohanan, sa gayon nakakatulong at nakapagpapatibay sa iba. Huwag kailanman umatake o magkaroon ng mga hinala tungkol sa mga tao;

(3) Dapat unawain ang mga kahinaan at kahirapan ng iba. Kayaning tumayo nang kapantay nila at tulungan sila sa pamamagitan ng pagsasalita mula sa iyong puso, upang makaramdam sila ng kasiyahan at hindi pinipigil;

(4) Sa pakikipag-usap sa iba, dapat na magbahagi ng kanilang karanasan sa mga salita ng Diyos, upang mapatibay at mabigyan ng benepisyo ang iba. Tulungan ang ibang madama ang pag-ibig at kaligtasan ng Diyos, at tulungan silang makapagsimula sa tamang landas ng buhay.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Sa “pagbabahagi at pagniniig ng mga karanasan,” ang ibig sabihin ay pagsasabi ng bawat kaisipan sa iyong puso, iyong kalagayan, iyong mga karanasan at kaalaman sa mga salita ng Diyos, gayundin ang tiwaling disposisyon sa loob mo. At matapos iyan, natatalos ng iba ang mga bagay na ito, at tinatanggap ang positibo at kinikilala yaong negatibo. Ito lamang ang pagbabahagi, at ito lamang ang talagang pakikipagniig. Hindi lamang ito basta nangangahulugan ng pagkakaroon ng mga pagkaunawa sa mga salita ng Diyos o isang bahagi ng isang himno, at pakikipagniig ayon sa gusto mo at pagkatapos ay hindi na pagpapalawig pa nito, at hindi pagsasalita ng anumang may kaugnayan sa iyong sariling aktuwal na buhay. Nagsasalita ang lahat tungkol sa kaalamang doktrinal at teoretikal, at walang sinasabi tungkol sa kaalamang hinango mula sa aktuwal na mga karanasan. Umiiwas kayong lahat na pag-usapan ang tungkol sa gayong mga bagay, tungkol sa inyong mga personal na buhay, tungkol sa inyong

buhay sa iglesia kasama ang inyong mga kapatiran, at tungkol sa inyong sariling panloob na mundo. Sa ganitong paraan, paano magkakaroon ng tunay na pagtatalastasan sa pagitan ng mga tao? Paano magkakaroon ng tunay na pagtitiwala? Hindi nagkakaroon ng anuman! Ano ang masasabi mo, kung hindi sinasabi ng isang babae ang nilalaman ng kanyang puso sa kanyang asawa, magkatapatang-loob ba sila? Nagtatapat ba sila sa isa't isa? Ipagpalagay nang buong araw nilang sinasabi, "Mahal kita!" Sinasabi lang nila ito, pero hindi nila ipinagtapat kailanman ang iniisip nila sa puso nila, kung ano ang gusto nila sa isa't isa, o kung ano ang mga problema nila. Hindi nila pinag-usapan kailanman ang gayong mga bagay, ni nagtapat sila sa isa't isa kahit kailan—at kung pareho silang hindi nagtapat sa isa't isa kailanman, mahal ba nila ang isa't isa? Kung wala silang masabing mahalaga para sa isa't isa kapag magkasama sila, talaga bang mag-asawa sila? Siguradong hindi! Kung nakakaya ng mga kapatid na magsabi ng niloloob sa isa't isa, tulungan ang isa't isa, at tustusan ang isa't isa, bawat tao kung gayon ay dapat magsalita ng kani-kanilang sariling tunay na karanasan. Kung hindi ka nagsasalita ng sarili mong tunay na karanasan, at nagsasalita lamang ng mga nakakapukaw na mga salita at mga salitang tungkol sa doktrina at mababababaw lamang, kung gayon ikaw ay hindi isang taong tapat, at hindi mo kayang maging matapat. Halimbawa, habang magkasamang namumuhay sa loob ng ilang taon, sinusubukan ng mag-asawang lalaki at babae na masanay sa isa't isa, nag-aaway paminsan-minsan. Subalit, kung pareho silang may normal na pagkatao, palagi kang makikipag-usap sa kanya nang mula sa puso, at ganoon din naman siya sa iyo. Anumang mga paghihirap ang nasasagupa mo sa buhay, anumang mga problema ang nagaganap sa iyong trabaho, anuman ang pinag-iisipan mo nang malalim, paano mo man planuhing isaayos ang mga bagay-bagay, anumang mga ideya at plano ang mayroon ka para sa iyong mga anak—sasabihin mo sa iyong asawa ang lahat ng bagay. Sa ganitong paraan, hindi ba ninyo mararamdaman na lalo kayong nagiging malapit at matalik sa isa't isa? Kung hindi niya kailanman sasabihin ang kanyang malalalim na saloobin, at walang ginagawa kundi

mag-uwi ng suweldo, at kung hindi mo kailanman sinasabi sa kanya ang iyong sariling saloobin at hindi ka kailanman nagtatapat ng mga saloobin sa kanya, kung gayon, hindi ba't may pagkakalayo ng damdamin sa pagitan ninyong dalawa? Tiyak na mayroon, dahil hindi ninyo nauunawaan ang mga saloobin o intensyon ng isa't isa. Sa huli, hindi mo masabi kung anong uri ng tao ang iyong asawa, at hindi rin niya masabi kung anong uri kang tao; hindi mo nauunawaan ang kanyang mga pangangailangan, at hindi rin niya nauunawaan ang sa iyo. Kung walang pasalita o espirituwal na pakikipag-usap, kung gayon ay walang anumang posibilidad na maging matalik sila sa isa't isa, at hindi nila magagawang tustusan ang isa't isa o tulungan ang isa't isa. Naranasan niyo na ito noon, hindi ba? Kung ipinagtatapat ng iyong kaibigan ang lahat ng bagay sa iyo, sinasabi ang lahat ng kanyang iniisip at anumang pagdurusa o kaligayahan na mayroon siya, kung gayon, hindi mo ba nararamdaman na partikular kang malapit sa kanya? Ang dahilan kung bakit handa siyang sabihin sa iyo ang mga bagay na ito ay dahil nagawa mo ring ipagtapat sa kanya ang pinakamalalalim mong saloobin; ikaw ay partikular na malapit sa kanya, at dahil dito kaya nagagawa mong pakisamahan siya at tulungan ang isa't isa. Kung wala ang ganitong uri ng pagtatalastasan at pagpapalitan sa gitna ng mga kapatiran sa iglesia, hindi kailanman magkakaroon ng pagkakaayun-ayon sa gitna ng mga kapatiran.

Hinango mula sa "Ang Pinakasaligang Pagsasagawa ng Pagiging Isang Taong Tapat" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kapag nakikibahagi ka sa katotohanan, at naglalarawan ng isang bagay nang malinaw at naiintindihan upang ito ay makapagpatibay at mapakinabangan ng iba, ipaunawa sa kanila ang kalooban ng Diyos at tulungan silang makatakas sa mga hindi pagkakaunawaan at pagkakamali, kailangan bang maging mapagmataas? Kailangan mo bang gumamit ng tono na ginagamit sa panenermon? Hindi mo sila kailangang pagalitan, at hindi mo rin kailangang magsalita nang malakas; hindi mo rin kailangang sumigaw, at lalo na't hindi kailangang maging tahasan ang iyong mga

salita, tono, o intonasyon. Kailangan mo lamang matutong gumamit ng isang normal na tono, makisalamuha mula sa isang posisyon ng pagkakapantay-pantay, makipag-usap ng kalmado, ilahad ang mga salita na nasa puso mo, at sikaping magsalita nang malinaw ukol sa kung anong nauunawaan mo at anong kailangang maunawaan ng iba. Kapag nagsalita ka sa paraang maiintindihan ka, malalaman ng ibang tao kung ano ang ibig mong sabihin, mawawala ang iyong pasanin, ihihinto ng iba ang hindi pagkakaunawaan, at magiging mas malinaw ang iyong inilalahad. Hindi ba ito nakapagpapatibay sa inyong dalawa? Mayroon pa bang pangangailangan upang kagalitan sila? Sa maraming pagkakataon, hindi na kailangang ipilit ito sa kanila. Kung hindi mo ipinipilit ang anumang mga aral sa kanila, ngunit tumatanggi pa rin silang tanggapin ang mga sinasabi mo, ano ang dapat mong gawin? Ang ilan sa iyong sinasabi ay ang katotohanan, at isang bagay na napatunayan, ngunit matatanggap ba ng mga tao ang iyong mga salita sa sandaling binigkas mo ang mga ito? Ano ang kailangan nila upang matanggap ang mga salitang ito, at upang magbago? Kailangan nila ng proseso; dapat mo silang bigyan ng proseso kung paano makakapagbago. … Ang layunin ng pagsasalita ng puso-sa-puso ay upang magkaroon ng normal na komunikasyon sa pagitan ng mga tao, at upang maganap ang pagpapalitan ng mga iniisip. Ito ay isang mababaw na pamamaraan ng paglalahad nito. Sa malalim na pananalita, ang punto ay upang maunawaan ng mga tao ang kalagayan ng isa’t isa, humugot ng lakas mula sa isa’t isa upang makabawi para sa mga pagkukulang ng isa’t isa, suportahan ang isa’t isa, at tulungan ang isa’t isa. Ito ang epekto nito. Hindi ba ito humahantong sa isang normal na pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga tao?

Hinango mula sa Pagbabahagi ng Diyos

Tuwing natatapos mong gawin ang isang bagay, ang mga bahagi na iniisip mong nagawa mo nang tama ay dapat ipresenta para sa masusing pagsisiyasat—at, higit pa rito, ang bahagi naman na iniisip mo na nagawa mo nang mali ay dapat ding ipresenta para sa masusing pagsisiyasat.

Kinakailangan dito na ang mga kapatid ay sama-samang gumugol nang mas maraming panahon na magsalamuha, maghanap, at magtulungan sa isa't isa. Kapag mas maraming pagbabahagi, mas maraming liwanag ang papasok sa ating mga puso; Sa gayon, bibigyan tayo ng Diyos ng kaliwanagan hinggil sa lahat ng ating usapin. Kung wala ni isa sa atin ang magsasalita, at nagpapakitang-tao lamang tayong lahat upang magmukhang mabuti, umaasang makapag-iiwan ng mabuting impresyon sa isipan ng iba at gusto nating maging mataas ang tingin nila sa atin at huwag nila tayong kutyain, kung gayon ay wala tayong paraan para umunlad. Kung palagi kang nagpapakitang-tao upang magmukhang mabuti, hindi ka uunlad, at mabubuhay ka sa kadiliman magpakailanman. Hindi mo rin magagawang makapagbago. Kung hinahangad mong magbago, kung gayon ay dapat kang magbayad ng halaga, itigil ang iyong pagbabalatkayo, at buksan ang iyong puso sa iba, at kapag ginawa mo ang gayon, makikinabang ka at ang ibang tao. Kapag sinasabi ng isang tao na, "Bakit hindi ka magsalita ng ilang mga bagay tungkol sa mga karanasan mo kamakailan?" walang nagsasalita tungkol sa mga usapin ng diwa; nagsusuri ng kanyang sarili o nagpapakatotoo. Kapag nagsasalita ang mga tao ng mga salita at doktrina, walang problema ang sinuman, subalit kapag napag-uusapan nila ang tungkol sa pagkilala sa kanilang mga sarili, walang makapagsalita. Kahit ang mga may kaunting kaalaman sa kanilang mga sarili ay hindi rin naman nangangahas na magpakatotoo; wala silang lakas ng loob na gawin iyon. Ano ngayon ang nangyayari? Kapag magkakasama ang mga tao, sumisipsip sila sa isa't isa sa pamamagitan ng pambobola. Walang sinuman ang handang ipakita ang tunay nilang pagkatao upang masuri at makilala ng lahat. Sa sandaling magkaroon na ng ganitong sitwasyon, matatamo pa ba ang isang tunay na buhay-iglesia? Hindi na.

Hinango mula sa "Ang Pinakasaligang Pagsasagawa ng Pagiging Isang Taong Tapat" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Bago ang lahat, kung nais mong mahanap ang katotohanan, kung nais mong magkaroon ng lansakang pagbabago sa iyong mga maling

motibasyon, mga kalagayan at mga timpla ng isip, dapat kang matutong makipag-usap nang malaya at makipagbahaginan. Mangyari pa, mapipili mo kung kanino ka makikipag-usap nang malaya at makipagbahaginan. Tiyak na hindi pipili ang mga normal na tao ng sinumang pagtatawanan sila, sisiraan sila, lalaitin sila, pagsasamantalahan ang kanilang mga kahinaan, at susubukang lumubha pa ang mga bagay-bagay para sa kanila pagkaraan nilang malayang makipag-usap; walang dudang maghahanap sila ng sinumang mas mahusay sa paghahangad sa katotohanan, sinumang may mas mabuting pagkatao, sinumang mas tapat at iginagalang ang pag-uugali, isang taong kaya silang tulungan pagkaraang makisalamuha sa kanila. Ito ang mga taong hinahanap nila upang malayang makausap at makipagbahaginan, upang tulungan silang lutasin ang kanilang mga paghihirap. Malayang pakikipag-usap at pagsisiwalat ng sarili—unang-una, ito ay isang uri ng saloobin na dapat taglayin sa harap ng Diyos, at napakahalaga ng saloobing ito. Huwag mong pigilan ang mga bagay-bagay sa pagsasabing “Ito ang aking mga motibasyon, ito ang aking mga paghihirap, may masamang kalagayan sa aking kalooban, negatibo ako, ngunit hindi ko pa rin sasabihin kanino man, sasarilinin ko na lang ang lahat ng ito.” Kung lagi mong sasarilinin ang mga bagay-bagay, sa katagalan ay hihinto ang kagustuhan mong manalangin, bubulusok nang bubulusok at magiging mahirap nang ibalik sa dati ang mga bagay-bagay. Kaya’t kung anuman ang iyong kalagayan, negatibo ka man o naghihirap, anuman ang iyong mga personal na mga motibasyon o mga plano, anuman ang nabatid mo na o napagtanto sa pamamagitan ng pagsusuri, dapat kang matutong magsalita nang malaya at makipagbahaginan, at habang nakikipagbahagi ka, gumagawa ang Banal na Espiritu. At paano gumagawa ang Banal na Espiritu? Pinahihintulutan ka Niyang makita ang kalubhaan ng suliranin, ipinamamalay Niya sa iyo ang ugat at diwa ng suliranin, at pagkaraan, unti-unti, pinahihintulutan Niyang maunawaan mo ang katotohanan, makapasok sa katotohanang realidad at maunawaan ang kalooban ng Diyos. Kapag nagagawa ng mga tao na makipag-usap nang malaya at makipagbahaginan, higit sa lahat, kung ganoon, kumakatawan

ito ng isang tiyak na saloobin sa katotohanan—isang tapat na uri ng saloobin—at nagpapakita rin ito kung talagang tapat ka o hindi at kung ano ang iyong saloobin sa katotohanan. Kapag napaliligiran ng kahirapan at pagkanegatibo ang mga tapat na tao, walang humpay nilang sinusubukang humanap ng sinumang makakabahaginan, naghahanap sila ng landas ng pagpapasya, at naghahanap sila ng paraan upang makapagbigay-lugod sa kalooban ng Diyos at malutas ang suliranin o paghihirap na ito. Hindi sila naghahanap ng sinumang masasabihan dahil nahihirapan sila, ngunit naghahanap sila ng mga kaparaanan ng pagpapasya, upang makapasok sa katotohanang realidad; sa ganyan nila nilulutas ang kanilang paghihirap at kinalilimutan na. Kung mananatiling matagal na nakatago sa mga tao ang mga bagay na ito, nagiging isang karamdaman ang mga ito! Pagdating sa mga taong hindi tapat sa Diyos, tila mukha silang normal sa panlabas kapag humaharap sa isang suliranin, ngunit sa loob, lubhang lumalaki ang kanilang pagkanegatibo kaya hindi na nila kayang tumayong muli, bagama't hindi mo ito nakikita. Hindi rin halata kapag mayroon silang mga hinaing, mga di-pagkakaunawaan, at mga personal na motibasyon sa kanilang kalooban. Kinikimkim lang nila ang mga bagay-bagay at sinasarili. Bagama't maaaring ginagawa pa rin nila ang kanilang tungkulin, hindi sila magkakaroon ng pagpasok sa buhay at walang prinsipyo sa anumang ginagawa nila, at tila wala silang gana at walang sigla sa panlabas. Isa itong problema.

Hinango mula sa "Ang Mga Prinsipyo ng Pagsasagawa Ukol sa Pagpapasakop sa Diyos" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung nais ng dalawang tao na magsama nang maayos, kailangan nilang buksan ang kanilang mga puso sa isa't isa; higit na kailangan ito ng mga taong sama-samang gagawa nang may pagkakasundo. Kung minsan, kapag nag-uugnayan ang dalawang tao, hindi nagtutugma ang kanilang mga personalidad, o hindi nagtutugma ang mga kapaligiran, karanasan o kalagayang pang-ekonomiya ng mga pamilya nila. Gayunman, kung bubuksan ng dalawang taong iyon ang kanilang puso sa isa't isa at

magiging lubos na bukas tungkol sa kanilang mga suliranin, at makikipag-usap nang walang kasinungalingan at panlilinlang, at magagawang ipakita ang kanilang puso sa isa't isa, kung gayon, sa paraang ito, sila ay magiging tunay na magkaibigan, na ang ibig sabihin ay magiging matalik na magkaibigan sila. Marahil, kapag ang taong ito ay nahihirapan, kayo ang hahanapin niya at wala nang iba. Kahit na pagsabihan mo sila, alam nila na nagsasabi ka ng totoo, dahil alam nila na ikaw ay isang matapat na tao na may pusong taos. Maaari ba kayong maging mga tao na tulad nito? Kayo ba ay ganitong mga tao? Kung hindi, ikaw ay hindi matapat na tao. Kapag nakikipag-ugnayan ka sa iba, kailangan mo munang ipakita sa kanila ang iyong tunay na nararamdaman at katapatan. Kung sa pagsasalita at pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan sa iba, ang mga salita ng isang tao ay hindi maingat, mabulaklak, mga panunukso, pambobola, hindi responsible, at kathang-isip, o kung nagsasalita lamang sila upang makakuha ng pabor sa iba, kung gayon ang kanilang mga salita ay lubos na walang kredibilidad, at hindi sila talaga matapat. Ito ang paraan nila ng pakikipag-ugnayan sa ibang tao, maging sinuman ang mga ibang taong iyon. Mayroon bang tapat na puso ang taong iyon? Ang taong ito ay hindi tapat. Sabihin na may kakulangan ang isang tao, at tapat at makatotohanan niyang sinasabi sa iyo: "Sabihin mo sa akin kung bakit ako napakanegatibo. Hindi ko lang ito maunawaan!" At sabihin na sa katunayan, nauunawaan mo ang kanilang problema sa iyong puso, pero hindi mo sinabi sa kanila, sa halip ay nagsabi: "Wala ito. Madalas din akong maging negatibo." Ang mga salitang ito ay malaking kaginhawahan sa nakakarinig nito, ngunit matapat ba ang iyong saloobin? Hindi ito matapat. Hindi ka maingat sa taong ito; para makadama sila ng kaginhawahan at pag-alo, umiwas ka sa pagsasalita nang tapat sa kanila. Hindi ka tapat na nakakatulong sa kanila para maalis nila ang pagiging negatibo. Para lamang maalo sila at para matiyak na walang paglayo o hindi pagkakasundo sa pagitan ninyo, ginawa mo ang pinakamadali sa kanila—at hindi ito ang pagiging isang matapat na tao. Kaya, bilang isang matapat na tao, ano ang dapat mong gawin kapag nahaharap ka sa

ganitong uri ng sitwasyon? Sabihin mo sa kanila kung ano ang nakita at natukoy mo: “Sasabihin ko sa iyo kung ano ang nakita ko at kung ano ang naranasan ko. Ikaw ang magpapasya kung ang sinasabi ko ay tama o mali. Kung ito ay mali, hindi mo ito kailangang tanggapin. Kung ito ay tama, umaasa ako na tatanggapin mo ito. Kung may sinasabi ako na mahirap para sa iyo na marinig o nakakasakit sa iyo, umaasa ako na makakaya mong tumanggap mula sa Diyos. Ang intensyon at layunin ko ay ang tulungan ka. Nakikita ko ang suliranin nang malinaw: Nasugatan ang dangal mo. Walang nagpadama sa iyo na importante ka, at sa tingin mo ay mababa ang tingin ng lahat sa iyo, na inaatake ka, at hindi ka pa kailanman nagawan ng ganitong kalaking pagkakamali. Hindi mo ito makaya at naging negatibo ka. Ano sa tingin mo—ito ba talaga ang nangyayari?” At pagkarinig nito, madarama nila na ito talaga ang nangyayari. Ito talaga ang nasa puso mo, pero kung ikaw ay hindi isang matapat na tao, hindi mo ito sasabihin. Ang sasabihin mo, “Madalas din akong maging negatibo,” at kapag narinig ng taong ito na ang lahat ay nagiging negatibo, iniisip nila na ito ay normal, at sa huli, hindi nila inaalis ang pagiging negatibo. Kung ikaw ay isang matapat na tao at tinutulungan mo sila na may matapat na saloobin at matapat na puso, maaari mo silang matulungan na maunawaan ang katotohanan.

Hinango mula sa “Sa Pamamagitan Lamang ng Pagiging Matapat Maaaring Makapamuhay na Tulad ng Isang Tunay na Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

126. Ang Mga Prinsipyo ng Pag-ibig sa Pagitan ng magkakapatid

(1) Ang mga kapatid na tunay na naniniwala sa Diyos at mahal ang katotohanan ay dapat magmahal at hikayatin ang isa’t isa, at makipagtulungan sa pagkakaisa. Sa gayon lamang lalago ang kanilang buhay;

(2) Basahin ang mga salita ng Diyos at magbahagi ng katotohanan nang madalas at sama-sama, nang ibinabahagi ang nalalaman sa pamamagitan ng karanasan. Suportahan ang bawat isa, tulungan ang isa’t

isa, at ibahagi ang iyong pag-unlad habang hinahanap mo ang katotohanan;

(3) Panatilihin ang pusong may mabuting kalooban, at kayaning magkaroon ng pagpapaubaya at habag sa iyong kapantay. Kung malaman mong mayroon silang problema, tulungan sila; kung hindi mo sila matutulungan, huwag silang pawalang halaga, maliitin, o husgahan;

(4) Ang pag-ibig sa kapwa ay dapat mabuo sa pundasyon ng prinsipyo ng katotohanan. Kung makagawa ng mga kilos na lumalabag sa mga prinsipyo, dapat silang punahin, ilantad, tabasan, at harapin.

Mga Talata ng Biblia para Sanggunian:

“Isang bagong utos ang sa inyo'y ibinibigay ko, na kayo'y mangagibigan sa isa't isa: na kung paanong iniibig ko kayo, ay mangagibigan naman kayo sa isa't isa. Sa ganito'y mangakikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay aking mga alagad, kung kayo'y may pagibig sa isa't isa” (Juan 13:34–35).

“At sinabi sa kaniya, Iibigin mo ang Panginoon mong Diyos ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo. Ito ang dakila at pangunang utos. At ang pangalawang katulad ay ito, Iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili” (Mateo 22:37–39).

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Hindi itinatatag ang mga kaugnayang ito sa laman, kundi sa pundasyon ng pagmamahal ng Diyos. Halos walang pakikipag-ugnayan sa laman, ngunit sa espiritu ay may pagsasamahan, pagmamahalan, kapanatagan sa isa’t isa, at paglalaan para sa isa’t isa. Lahat ng ito ay ginagawa sa pundasyon ng isang pusong nakakalugod sa Diyos. Ang mga kaugnayang ito ay hindi pinananatili sa pag-asa sa pilosopiya ng tao sa pamumuhay, kundi likas na likas na nabubuo sa pamamagitan ng pagdadala ng isang pasanin para sa Diyos. Hindi nito kinakailangan ang pagsisikap na gawa ng tao. Kailangan mo lamang magsagawa ayon sa prinsipyong salita ng Diyos. Handa ka bang isaalang-alang ang kalooban ng Diyos? Handa ka bang maging isang taong “walang katwiran” sa harap

ng Diyos? Handa ka bang ibigay nang lubusan ang puso mo sa Diyos at balewalain ang iyong katayuan sa mga tao? Sa lahat ng taong nakakasalamuha mo, kanino ka may pinakamagagandang kaugnayan? Kanino ka may pinakamasasamang kaugnayan? Normal ba ang mga kaugnayan mo sa mga tao? Tinatrato mo ba nang pantay-pantay ang lahat ng tao? Pinananatili mo ba ang iyong mga kaugnayan sa iba ayon sa iyong pilosopiya sa pamumuhay, o nakatatag ba ang mga ito sa pundasyon ng pagmamahal ng Diyos? … Ang isang normal na kaugnayan sa pagitan ng mga tao ay itinatatag sa pundasyon ng pagbibigay ng kanilang puso sa Diyos, at hindi sa pamamagitan ng pagsisikap ng tao. Kung wala ang Diyos sa kanilang puso, ang mga kaugnayan sa pagitan ng mga tao ay mga kaugnayan lamang ng laman. Hindi normal ang mga ito, kundi sa halip ay pagpapalayaw sa pagnanasa ng laman. Mga kaugnayan ang mga ito na kinamumuhian ng Diyos, na Kanyang kinasusuklaman. Kung sasabihin mo na ang iyong espiritu ay naantig, ngunit gusto mo palaging makisalamuha sa mga taong gusto mo, sa sinumang tinitingala mo, at kung may ibang taong naghahangad ngunit hindi mo sila gusto, at mayroon ka pang ayaw sa kanila at ayaw mo silang pakisamahan, dagdag na patunay ito na maramdamin ka at ni wala ka man lang normal na kaugnayan sa Diyos. Tinatangka mong linlangin ang Diyos at ikubli ang sarili mong kapangitan. Kahit may maibabahagi kang kaunting pagkaunawa subalit mali ang iyong mga layon, lahat ng ginagawa mo ay mabuti lamang ayon sa mga pamantayan ng tao. Hindi ka pupurihin ng Diyos—kumikilos ka ayon sa laman, hindi ayon sa pasanin ng Diyos. Kung nagagawa mong patahimikin ang puso mo sa harap ng Diyos at mayroon kang normal na pakikipag-ugnayan sa lahat ng nagmamahal sa Diyos, saka ka lamang angkop na kasangkapanin ng Diyos. Sa ganitong paraan, gaano ka man nakikisalamuha sa iba, hindi ito magiging ayon sa isang pilosopiya sa pamumuhay, kundi magiging sa harap ng Diyos, pamumuhay sa isang paraan na nagsasaalang-alang sa Kanyang pasanin.

Hinango mula sa “Napakahalagang Magtatag ng Isang Normal na Kaugnayan sa Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung hindi pa ninyo nahahanap ang damdamin at ang mga prinsipyo ng pagiging isang banal, pinatutunayan nitong ang inyong pagpasok sa buhay ay masyadong mababaw, at na hindi pa ninyo nauunawaan ang katotohanan. Sa inyong pag-uugali at kapaligiran kung saan kayo namumuhay araw-araw, hinihingi nito sa inyong lumasap at magnilay, makisalamuha sa isa't isa, palakasin ang loob ng isa't isa, panatilihing alisto ang isa't isa, tulungan at alagaan ang isa't isa, at mag-alalayan at magbigayan sa isa't isa. Huwag laging magtuon sa pagkakamali ng iba, ngunit magnilay sa inyong sarili nang madalas, at pagkatapos ay maging handa sa pag-amin sa kapwa kung ano ang nagawa ninyo na nagsanhi sa pagkagambala o kapinsalaan sa kanila. Matuto kayong buksan ang inyong sarili at makisalamuha, at madalas na makipagtalakayan kung paano makikisalamuha sa praktikal na paraan batay sa mga salita ng Diyos. Kapag ang kapaligiran ng inyong mga buhay ay madalas na ganito, ang mga ugnayan sa pagitan ng mga magkakapatid ay nagiging normal—hindi masalimuot, walang pakialam, malamig, o malupit gaya ng mga ugnayan sa pagitan ng mga hindi mananampalataya. Unti-unti ninyong tatanggalan ang inyong mga sarili ng ganyang mga ugnayan. Nagiging mas malapit at magkapalagayang-loob ang magkakapatid sa isa't isa; nagagawa ninyong tulungan ang isa't isa, at mahalin ang isa't isa; mayroong mabuting kalooban sa inyong mga puso, o mayroon kayong kaisipan na nagagamit ninyo upang makapagpaubaya at mahabag sa isa't isa, at tinutulungan at inaalagaan ninyo ang isa't isa, kaysa sa isang kalagayan at kaugalian kung saan kayo ay nag-aawayan, nagyuyurakan, nagkakaselosan, nakikisali sa lihim na pakikipagtagisan, nagkikimkim ng mga panunuya o panghahamak sa isa't isa, o kung saan ay walang sumusunod kaninuman. Ang pamumuhay sa ganoong mga kalagayan o mga pangyayari ay lumilikha ng isang napakahirap na ugnayan sa pagitan ng mga tao. Hindi lamang ito lumilikha ng lahat ng klase ng negatibong impluwensya sa iyo at nakapananakit sa iyo, kundi negatibo ring naiimpluwensyahan at nasasaktan ang iba sa magkakaibang antas. Napakahirap, sa pangkalahatan, para sa mga taong mapagtagumpayan ito—nagagalit ka

kapag mali ang tingin sa iyo ng iba, o kapag may sinasabi silang hindi naaayon sa iyong kalooban, at kapag may ginagawa ang isang tao na pumipigil sa iyo na maipakita ang kaya mong gawin, naghihinanakit ka sa kanila, at ikaw ay hindi mapalagay at hindi masaya, at ang naiisip mo lamang ay kung paano maibabalik ang reputasyon mo. Partikular na walang kakayahan ang mga kababaihan at kabataan na pagtagumpayan ito. Lagi silang naiipit sa ganitong mga makikitid na disposisyon, mga pag-aalburoto, mga makikitid na damdamin, at mahirap para sa kanila na humarap sa Diyos. Naiipit sa buhol-buhol at masalimuot na tila sapot na ugnayang nakapulupot sa kanila, mahirap para sa mga taong manahimik sa harap ng Diyos, at manahimik sa mga salita ng Diyos. Kung gayon, dapat na matutunan mo muna kung paano makisama nang maayos sa iyong mga kapatid. Dapat kayong maging mapagparaya sa isa't isa, maluwag sa isa't isa, makita kung ano ang natatangi sa isa't isa, kung ano ang kalakasan ng isa't isa—at dapat kayong matutong tanggapin ang pananaw ng iba, at balikan ang nasa kaibuturan ng inyong sarili upang magsagawa ng pagmumuni-muni sa sarili at magtamo ng kaalaman tungkol sa sarili. Huwag mong bigyang-layaw ang sarili mo, o palayain ang iyong mga ambisyon, mga pagnanasa, o ang iyong mga kahinaan, at pilitin ang ibang makinig sa iyo, gawin ang sinasabi mo, humanga sa iyo, at iangat ka, samantalang hindi inaalintana ang kalakasan ng iba habang pinalalala at pinalalaki ang kanilang mga pagkukulang nang walang pagpipigil, sa lahat ng dako ay isinasapubliko, minamaliit at hinahamak ang kanilang mga pagkukulang, o gumagamit ng mga salita at iba pang mga mga paraan upang saktan at yamutin ang kapwa, nang magawa mo na sila ay sumunod sa iyo, makinig sa iyo, matakot sa iyo, at pagtaguan ka. Nais ba ninyong makitang magkaroon ng o umiral ang ganoong ugnayan sa pagitan ng mga tao? Nais ba ninyong maramdaman ang ganoon?

Hinango mula sa "Ang Pinakamahalagang Prinsipyo para sa Pagsasagawa ng Pagpasok sa Katotohanang Realidad" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Itinataas ng Diyos ang mga nangangailangan mula sa alabok;

kailangang itaas ang mga mapagkumbaba. Gagamitin Ko ang Aking karunungan sa lahat ng anyo nito upang pamahalaan ang pandaigdigang iglesia, upang pamahalaan ang lahat ng bansa at lahat ng bayan, upang lahat sila ay nasa Aking kalooban, at upang lahat kayong nasa iglesia ay maaaring magpasakop sa Akin. Yaong mga hindi sumunod noon ay kailangang maging masunurin ngayon sa Aking harapan, kailangang magpasakop sa isa't isa, tiisin ang isa't isa; kailangang magkaugnay-ugnay ang inyong buhay, at kailangan ninyong magmahalan, na lahat ay humuhugot sa magagandang katangian ng bawat isa upang makabawi sa sarili nilang mga kahinaan, at naglilingkod nang may koordinasyon. Sa ganitong paraan itatayo ang iglesia, at mawawalan ng pagkakataon si Satanas na magsamantala. Saka lamang hindi mabibigo ang Aking plano ng pamamahala. Bibigyan Ko kayo ng isa pang paalala rito. Huwag mong tulutang magkaroon ng mga maling pagkaunawa sa iyo dahil si-ganito-at-si-ganyan ay ganito, o kumilos nang ganito-at-ganyan, na ang resulta ay nagiging masama ang iyong espirituwal na kundisyon. Sa tingin Ko, hindi ito angkop, at ito ay isang walang-kabuluhang bagay. Hindi ba ang Diyos yaong Isa na pinaniniwalaan mo? Hindi iyon kung sinong tao. Hindi magkapareho ang mga tungkulin. May isang katawan. Bawat isa'y ginagawa ang kanyang tungkulin, bawat isa'y nasa kanyang lugar at ginagawa ang kanyang buong makakaya—para sa bawat siklab may isang kislap ng liwanag—at naghahangad na lumago sa buhay. Sa gayon Ako ay masisiyahan.

Hinango mula sa "Kabanata 21" ng Mga Pagbigkas ni Cristo sa Pasimula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Maging kayo man ay mas bata o mas matandang kapatid na lalaki o babae, nalalaman ninyo ang tungkulin na dapat ninyong gampanan. Yaong mga nasa kanilang kabataan ay hindi mapagmataas; yaong mga mas matatanda ay hindi walang-kibo, ni paurong sila. Higit pa, nakakaya nilang gamitin ang lakas ng bawa't isa upang mapunan ang kanilang mga kahinaan, at nagagawa nilang maglingkod sa isa't isa nang walang

pagtatangi. Isang tulay ng pagkakaibigan ang nabubuo sa pagitan ng mas bata at mas matatandang kapatid na lalaki at babae, at dahil sa pag-ibig ng Diyos nagagawa ninyong mas mabuting maintindihan ang isa't isa. Hindi hinahamak ng mga nakababatang kapatid na lalaki at babae ang mga mas matandang kapatid na lalaki at babae, at ang mga nakatatandang kapatid na lalaki at babae ay hindi mapagmagaling: Hindi ba ito isang may pagkakasunduang pagsasama? Kung lahat kayo ay mayroong ganitong paninindigan, kung gayon ang kalooban ng Diyos ay tiyak na matutupad sa inyong henerasyon.

Hinango mula sa "Tungkol sa Pagganap ng Bawa't Isa sa Kanilang Tungkulin" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa pagtupad ng iyong tungkulin, dapat mong sanayin ang iyong sarili na gumawang matiwasay kasama ng iyong mga kapatid, bukas na makisalamuha sa kanila, ilatag ang lahat ng bagay para talakayin, bukas, hayagan at matapat na magbigay-alam, at magsalita nang malinaw. Pagkaraan ay pinaghahatian ng lahat ang gawain at nagtutulungan, sama-samang gumagawa nang matiwasay. Kung may bagay pang hindi nauunawaan, dapat magtipon-tipon ang lahat at magbahagi pa. Dapat ibahagi ng mga nakakaunawa ang kanilang pagkaunawa nang walang pag-aalinlangan, at sinumang nakapagtamo ng tanglaw ng kaliwanagan ay dapat magmadali at sabihin sa iba ang tungkol dito. Kung, habang tinutupad ng iba ang kanilang tungkulin, nagagawa mong magbigay ng mas maraming tulong at suporta, dapat mong gawin ang buo mong makakaya, nang walang bahagya mang pasubali. Paano ba mag-isip ang mga kasuklam-suklam na babae? "Alam ko ito, ngunit hindi ko sasabihin sa iyo." "Kung hindi mo sasabihin sa akin, hindi ko rin sasabihin sa iyo." Ganito mag-isip ang mga kasuklam-suklam na babae-—maramot, at takot na takot na maungusan ng iba. Hindi iyan ang uri ng pag-iisip na dapat taglayin ng sinumang may normal na pagkatao. Hindi ito normal na pagkatao o isang positibong bagay; isa itong tiwaling disposisyon. Ang lahat ng mga bagay na ito na makasarili, maramot, mapanlinlang, kahina-

hinala, marumi, at kahiya-hiya ay hindi mga positibong bagay; pawang negatibong bagay ang lahat ng ito. Kung gayon, dapat ninyong matutuhang bitiwan ang mga bagay na ito. Hindi ninyo dapat hayaang makontrol, mapigilan, o pagharian kayo ng mga ito; dapat ninyong malampasan ang mga ito at pagsikapang maging isang taong nagtataglay ng katotohanan at namumuhay sa liwanag. Katapatan, pagiging bukas ng isip, pagkamatapat, ang kakahayang magparaya, mapagbata, matiisin, at mababang-loob; natututong pakaingatan ang iba, natututong maging masaya sa pagtulong sa iba, gumagawa ng gawang-mabuti, at ang pagkakaroon ng mabuting puso—lahat ng ito ay mga positibong bagay. Para naman sa mga negatibong bagay, sa sandaling matuklasan mo na may gayon kang mga saloobin o ideya, o nasa gayon kang mga kalagayan, dapat mong matutuhang itakwil at talikdan ang mga ito. Kung hindi mo ito gawin, kokontrolin ka ng mga ito, at sa sandaling nasa ilalim ka na ng kanilang kontrol, magkakaroon ka na ng kakayahang gawin ang ganitong uri ng bagay—at kung magkagayon, magiging sunud-sunuran, alipin at kontrolado ka na magpakailanman ng iyong tiwali at maka-satanas na disposisyon, at hindi mo na kailanman matatamo ang katotohanan. Kung nais matamo ng mga tao ang katotohanan, dapat muna nilang makilala kung anong mga tiwaling disposisyon ang mayroon sila, kung paano nila ipinahahayag ang mga tiwaling disposisyong iyon, kung ano ang kanilang mga saloobin, kung ano ang kanilang mga ideya, at kung nasa anong mga kalagayan sila na salungat sa katotohanan. Dapat nilang ilabas ang mga negatibo at walang-siglang bagay na ito at makilala ang mga ito, at isa-isang lutasin ang mga ito sa pamamagitan ng matutuhang itakwil ang mga ito, kumawala sa mga ito, at isuko ang mga ito. Dapat nilang matutuhang gamitin ang katotohanan sa paraang kung paano nila tinatrato ang iba, sa pamamaraan nila sa kanilang mga tungkulin, at sa pamamaraan nila sa bawat isang bagay na nangyayari sa kanilang mga buhay, at dapat nilang matutuhang magsalita at kumilos alinsunod sa katotohanan. Sa ganitong paraan, unti-unti, tataglayin ng mga tao ang kawangis ng tao; huhusay sila nang huhusay sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin, at lalo pang sama-

samang gagawang matiwasay ang mga tao at lalo pa silang magkakaisa.

Hinango mula sa “Paano Maranasan ang mga Salita ng Diyos sa mga Tungkulin ng Isang Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Dapat na maitatag sa katotohanang prinsipyo ang pag-ibig sa pagitan ng magkakapatid. Kailangang naaayon sa katotohanan ang parehong pagsasalita at pagkilos, ginagamit ang katotohanan bilang pamantayan. Hindi kayo dapat umasa sa inyong mga damdamin, ni makisangkot sa panlilinlang o panloloko, at lalong hindi ninyo dapat ginagamit ang isa’t isa. Dapat na malimit kayong magsalamuha sa katotohanan, himukin at tulungan ang isa’t isa sa inyong pagpasok sa buhay, at hindi ninyo dapat pagtalunan ang inyong mga personal na pakinabang o mga kawalan. Dahil may mga tiwaling disposisyon ang mga tao, sa panahon ng pakikipag-ugnayan hindi maiiwasan ang alitan, subalit kailangang may kakayahan kayong pagtiisan at patawarin ang isa’t isa, hanapin ang katotohanan nang magkasama, at gumawa ng napagkasunduang pagkilos upang makamit ang iisang layunin. Sa pamamagitan ng malimit na pagsasalamuha sa katotohanan, mabubuksan ninyo ang inyong mga puso at makakalaya mula sa hindi matwid na opinyon, hinihimok at sinusunod ang isa’t isa, nagiging magkasangga sa buhay. Ganito dapat ang hitsura ng pag-iibigan. Kung talagang magkakaugnay na espiritu ang magkakapatid, makakapagtatag sila ng mga relasyon ng pag-iibigan. Sa kanilang pag-iibigan makakapagsalamuha sila nang normal at magkasamang hahangarin at hahanapin ang katotohanan; hindi sila magsasabwatan upang gumawa ng mga bagay na labag sa katotohanan o upang tahakin ang landas ng paglaban sa Diyos. Sa halip, magiging iisa ang kanilang mga isipan sa pagpapalugod sa kalooban ng Diyos. Kung gumagawa ng pagkakamali ang sinuman at nakakasakit ng iba, pareho silang magiging mapagpaubaya at mapagpatawad. Kung gumagawa ang isang tao ng isang bagay na taliwas sa katotohanan na nakasasama sa mga interes ng iglesia, hindi sila dapat ipagtanggol. Dapat na tuwirang maituro ang

kanilang mga suliranin sa pamamagitan ng pakikipagsalamuha sa katotohanan upang magkaroon sila ng pagkakataong magsisi at magsimula muli, upang mapagtanto ang kanilang kamalian, at upang makaramdam ng pagsisisi sa kanilang nagawa. Ito ang tunay na pag-iibigan. Ang mga taong nakakatulong sa isa't isa at magkasamang umuunlad sa katotohanang pagpasok at pagbabago ng disposisyon ay may interpersonal na relasyon ng tunay na pag-iibigan, ganap na alinsunod sa katotohanang prinsipyo. Ang isang relasyon na batay sa mga emosyon ay hindi isang pag-iibigan kahit gaano man kapalagay ang loob dito. Kapag nag-uumpukan ang dalawa o tatlong tao sa iglesia, pinagtatakpan ang isa't isa, pinupuri nang labis ang isa't isa, ginagamit at pinangangalagaan ang isa't isa, at hindi talaga nagsasagawa ng katotohanan, nagsasabwatan sila kung gayon upang gumawa ng kasamaan at isa silang grupo ng masasamang tao. Isang bagay na kinapopootan at isinusumpa ng Diyos ang pagsasama-sama ng gayong mga tao. Lahat ng madalas bumubuo ng mga pangkat sa iglesia, na nakukumbinsi ang iba sa pamamagitan ng paggawa ng maliliit na pabor para sa kanila, at na may-kahambugang umaasa na makokontrol ang iglesia, ay ang mga kampon ni Satanas, at paparusahan sila ng Diyos. Kapag tunay na iniibig ng mga tao ang isa't isa, hindi lamang ito kapakinabangan sa kanila pagdating sa buhay at sa katotohanan, maaari rin itong kapakinabangan sa iglesia at sa gawain ng iglesia. Ang lahat ng nagtataglay ng mga mapagmahal na puso ay talagang yaong iniibig ang katotohanan, at palagi silang makakasundo ng karamihan sa ibang mga tao. Anuman ang mga pagkakamali na mayroon ang iba, hangga't hinahanap nila ang katotohanan, kung gayon makakasundo sila nang mabuti ng yaong may mga mapagmahal na puso. Nakatatag ang gayong relasyon sa pundasyon ng kakayahang magsalamuha sa katotohanan at makatulong sa isa't isa; ito ang tunay na pag-iibigan. Hindi nagkakaroon ng pag-iibigan sa pamamagitan ng pakikipagsabwatan sa isa't isa upang gumawa ng kasamaan o pakikipagtulungan laban sa iba, subalit sa pamamagitan ng paghahanap sa katotohanan upang magawa nang maayos ang inyong tungkulin. Kung hindi nakatatag ang pag-iibigan

sa pundasyon ng paghahanap sa katotohanang buhay, bagkus ay sa mga pagsinta ng laman, walang katuturan kung gayon ang ganoong pag-iibigan at walang pakinabang sa sinuman, at, sa kabaligtaran, maaari itong makagulo para sa iglesia.

Hinango mula sa Ang Pagbabahagi mula sa Itaas

127. Ang Mga Prinsipyo ng Pagtulong sa Iba nang may Pagmmahal

(1) Kinakailangan na maintindihan ang pagkakaiba-iba ng mga tao batay sa mga salita ng Diyos. Makipag-ugnay nang buong pagmamahal sa mabubuting tao na may tunay na pananampalataya sa Diyos; tratuhin ang bawat isa nang may katapatan at tulungan ang bawat isa;

(2) Sinumang tumutulong sa iba nang may pagmamahal ay hindi dapat gawin ito alang-alang sa ilang lihim na motibo o upang makakuha ng kapalit; sa halip, dapat nila itong gawin para lang maisagawa ang katotohanan, maisagawa nang maayos ang kanilang mga tungkulin, at maihatid ang iba sa Diyos;

(3) Kapag ang mga tao ay nagtutulungan, dapat nilang maunawaan ang bawat isa sa mga paghihirap ng isa't isa at hanapin ang katotohanan upang malutas ang mga problema ng bawat isa sa paraang sa palagay nila ay naaangkop at katanggap-tanggap;

(4) Dapat tratuhin ang iba nang patas na nakabatay sa mga salita ng Diyos. Hindi dapat gamitin ng isang tao ang kanilang mga kuru-kuro at haka-haka upang i-stereotype ang iba, o isumpa ang iba batay sa kanilang mga paglabag.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Tungkol naman sa kung mabuti o masama ang isang tao, at kung paano siya dapat tratuhin, dapat magkaroon ang mga tao ng sarili nilang mga prinsipyo ng pag-uugali; gayunman, tungkol sa kahihinatnan ng taong iyon—kung siya ba ay mauuwing parurusahan ng Diyos, o kung siya ba ay mauuwing hahatulan at kakastiguhin—Diyos na ang bahala roon. Hindi

dapat makialam ang mga tao; hindi ka tutulutan ng Diyos na manguna para sa Kanya. Diyos na ang bahala kung paano tatratuhin ang taong iyon. Hangga't hindi pa nagpapasiya ang Diyos kung ano ang kahihinatnan ng gayong mga tao, hindi pa sila pinapaalis, at hindi pa sila pinarurusahan, at inililigtas sila, dapat mo silang tulungan nang buong tiyaga, dahil sa pagmamahal; hindi mo dapat asamin na malaman ang kahihinatnan ng gayong mga tao, ni hindi mo dapat gamitin ang paraan ng tao upang sugpuin o parusahan sila. Maaaring pinakikitunguhan o pinupungusan mo ang gayong mga tao, o maaaring binubuksan mo ang puso mo at nakikisali ka sa taos-pusong pakikibahagi upang tulungan sila. Gayunman, kung binabalak mong parusahan, layuan, at mapagbintangan ang mga taong ito, magkakaproblema ka. Magiging kaayon ba ng katotohanan ang paggawa niyon? Ang pagkakaroon ng gayong mga ideya ay manggagaling sa pagiging mainit ang dugo; ang mga ideyang iyon ay nagmumula kay Satanas at nanggagaling sa hinanakit ng tao, pati na rin sa inggit at pagkamuhi ng tao. Ang gayong pag-uugali ay hindi umaayon sa katotohanan. Ito ay isang bagay na magbababa ng paghihiganti sa iyo, at hindi ito naaayon sa kalooban ng Diyos.

Hinango mula sa "Ang Limang Kinakailangang Kalagayan Upang Mapunta sa Tamang Landas ng Pananampalataya ng Isang Tao" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kailangan mong magkaroon ng pagkaunawa tungkol sa maraming kalagayang kalalagyan ng mga tao kapag isinasagawa ng Banal na Espiritu ang gawain sa kanila. Partikular na, yaong mga nag-uugnayan sa paglilingkod sa Diyos ay kailangang magkaroon ng mas matinding pagkaunawa tungkol sa maraming kalagayang dulot ng gawaing isinasagawa ng Banal na Espiritu sa mga tao. Kung nagsasalita ka lamang tungkol sa maraming karanasan o pamamaraan para makapasok, ipinakikita nito na ang karanasan mo ay masyadong may pinapanigan. Kung hindi mo alam ang iyong tunay na kalagayan at hindi mo nauunawaan ang katotohanang prinsipyo, hindi posibleng magkamit ng pagbabago sa disposisyon. Kung hindi mo alam ang mga prinsipyo ng

gawain ng Banal na Espiritu o nauunawaan ang ibinubunga nito, mahihirapan kang mahiwatigan ang gawain ng masasamang espiritu. Kailangan mong ihayag ang gawain ng masasamang espiritu, pati na rin ang mga pagkaunawa ng tao, at tumbukin ang pinakabuod ng usapin; kailangan mo ring banggitin ang maraming paglihis sa pagsasagawa ng mga tao at ang mga problemang maaaring umiiral sa kanilang pananampalataya sa Diyos, upang mapansin nila ang mga ito. Kahit paano, huwag mo silang bigyan ng dahilan para maging negatibo o walang kibo. Gayunpaman, kailangan mong maunawaan ang mga paghihirap na talagang umiiral para sa karamihan, hindi ka dapat maging hindi makatwiran o "tangkaing turuan sila ng isang bagay na ayaw nilang matutuhan"; kahangalan iyan. Para malutas ang maraming paghihirap na nararanasan ng mga tao, kailangan mo munang maunawaan ang pag-unlad ng gawain ng Banal na Espiritu; kailangan mong maunawaan kung paano isinasagawa ng Banal na Espiritu ang gawain sa iba't ibang mga tao, kailangan mong maunawaan ang mga paghihirap na kinakaharap ng mga tao at ang kanilang mga pagkukulang, at kailangan mong makita nang malinaw ang mga pangunahing usapin ng problema at malaman ang pinagmulan nito, nang hindi lumilihis o nagkakamali. Ang ganitong uri lamang ng tao ang karapat-dapat na makipag-ugnayan sa paglilingkod sa Diyos.

Hinango mula sa "Ang Nararapat na Isangkap sa Isang Katanggap-tanggap na Pastol" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung may maayos kang kaugnayan sa isang kapatid na lalaki o babae, at pinakiusapan ka nilang ituro kung ano ang mali sa kanila, paano mo ito dapat gawin? May kaugnayan ito sa kung anong diskarte ang gagawin mo sa bagay na ito. Ang diskarte mo ba ay nakasalig sa pagsasagawa ng katotohanan, o gumagamit ka ng mga pilosopiya para mabuhay? Kung sinasabi mo na, "Mahusay ka sa bawat larangan at mas mahusay ka kaysa sa akin. Nagagawa mong batahin ang mga paghihirap, at mahusay ang iyong kakayahan. Hindi mo kailangang maging negatibo.

Napakahusay mo; anong mayroon at nagpapakumbaba ka?”—kung malinaw mong nakikita na may mga bagay na mali sa kanila, ngunit hindi mo sinasabi nang malinaw kung ano sila upang huwag masira ang kapayapaan sa pagitan ninyong dalawa—kung gayon gumagamit ka ng pilosopiya para mabuhay. Sinasabi ng isang taong iibahin ang diskarte sa gayong bagay na, “Maliit ang tayog ko ngayon at hindi ko lubos na nauunawaan ang mga problema mo. Kapag nauunawaan ko na, sasabihin ko sa iyo.” Hindi ba ito panloloko sa iba? Hindi ba talaga nila nagawang unawain nang lubos ang anuman? Wala nga kaya silang anumang kaisipan tungkol sa usapin? May naisip sila; ayaw lamang nilang sabihin ang mga ito sa takot na makapagdulot ng sama ng loob. Wala silang anumang sinasabi sa iyo at iniiwan kang hindi magawang maintindihan ang bagay, napapaisip ka tuloy na mahusay ka. Marahil mabibigo ka at mabubuwal balang araw, at pagtatawanan ka nila sa likuran mo. Kapag nangyari iyon, magmumukha silang mas mahusay kung ikukumpara sa iyo, ganito ka nila pinaglalaruan. Hindi ba masama ang gayong tao? Sa dalawang diskarteng ito, ano ang higit na kanais-nais? Pareho itong karimarimarim; walang kanais-nais sa dalawa. Sinasabi ng ilang tao na dapat nilang sabihin ang katotohanan. Sinasabi nila, “Hindi ka mabuting tao, at masama ka. Masasabi ko sa isang tingin lang na hindi ka maliligtas.” Bagama’t nagsasalita sila nang totoo, at ganoon nga ang iniisip ng gayong tao sa kanilang puso, may pahiwatig ng lihim na motibo sa pagkakasabi nila ng ganito: “Kung sasabihin ko ito, tiyak na hindi ka magiging mayabang o hambog.” Mali rin naman ang diskarteng ito—hindi isinasaalang-alang nito ang damdamin ng iba, ni hindi isinasaalang-alang nito ang mga ibubunga. Ano ang tingin mo sa disposisyon ng ganitong uri ng tao? Isinasagawa ba nila ang katotohanan? Hindi—ang kumilos sa ganitong paraan ay maaaring ikapaging negatibo ng iba o ikatisod nila. Lubha nitong haharangan ang landas na nilalakaran nila. Dapat isaalang-alang ng isang tao ang lahat ng bagay na ito. Hindi rin tama ang diskarteng ito; may kaakibat din itong disposisyon sa loob nito. Hindi ito pagsasalita o pagkilos mula sa saklaw ng makatuwirang pag-iisip ng normal na pagkatao, ni hindi

ito umaasal nang ayon sa katotohanang prinsipyo.

Ayon sa katotohanang prinsipyo, paano mo ba dapat harapin ang bagay na ito? Anong aksyon ang umaayon sa katotohanan? Gaano karaming magkakaugnay na prinsipyo ang mayroon? Dapat magkaroon ka ng matatag na pagkaunawa sa mga prinsipyo. Una, huwag kang magdulot ng pagkatisod sa iba. Dapat mo munang isaalang-alang ang mga kahinaan ng iba at kung anong paraan ng pagsasalita ang hindi makapagpapatisod sa kanila. Ito man lamang hangga't maaari ay marapat isaalang-alang. Susunod, dapat mong isaalang-alang ang positibong bahagi ng mga bagay-bagay—kung ano ang magagawa mo upang matulungan ang kasama.- Ang layon ng pagtulong sa kanila ay upang mapahintulutan silang maunawaan ang kalooban ng Diyos, upang dalhin sila sa harapan ng Diyos, at upang ipaiwan sa kanila ang gayong mahirap na sitwasyon at matamo ang katotohanan, gaya ng nagawa mo. Ito ang pinakamainam na uri ng tao na may pinakabusilak na puso; ito ang pagsasagawa ng katotohanan. Una: Huwag kang magdulot ng pagkatisod sa kanila. Pangalawa: Magawang tulungan sila. Pangatlo: Pahintulutan silang matamo ang katotohanan. Dapat mong maintindihan ang tatlong prinsipyong ito. Ngunit paano ba ipinatutupad ang mga ito, nang detalyado? Talaga bang nauunawa mo ang paghihirap ng iba? Hindi ba't isa pa itong problema? Dapat mo ring isipin: "Ano ang pinagmumulan ng kanilang problema? Matutulungan ko ba sila? Kung hindi ko kaya at nagsasalita ako batay sa sarili kong kuro-kuro at nang walang-ingat, baka sa maling landas ko sila maituro. Bukod pa roon, gaano kalubos na mauunawaan ng taong ito ang katotohanan, at ano ang kakayahan nila? Sarado ba sila sa kanilang paniniwala? Nakauunawa ba sila ng mga bagay na espirituwal? Kaya ba nilang tanggapin ang katotohanan? Hinahanap ba nila ang katotohanan? Kung nakikita nilang mas mahusay ako sa kanila, at nakikisalamuha pa rin ako sa kanila, babangon ba ang paninibugho o pagiging negatibo sa kanila?" Dapat isaalang-alang lahat ng mga katanungang ito; isa itong bagay ng pagkatao. Kaya, kapag nakakasagupa ka ng usapin, makipagsalamuha ka sa kanila na may positibo, maagap na

isip, at, habang ginagawa mo ito, manalangin at hanapin kung paano sila matutulungan, kung paano ka makasusunod sa mga prinsipyong ito, at kung paano mo paiiwanan sa kanila ang kanilang paghihirap at kung paano sila makikinabang. Madali bang gawin ang bagay na ito? Nangangailangan ito ng katapatan. Kung pakiramdam ng isang tao na nakasasapat nang gamitin lamang ang pinakamababaw na kaisipan at sabihing, “Basahin mo ang mga salita ng Diyos at mahalin ang Diyos. Dapat mong suklian ang Kanyang pagmamahal. Anong mahirap sa bagay na iyon? Anong nakapagpapanegatibo sa iyo?” kung gayon ang ginagawa nila ay sa salita lamang sila ngunit wala naman talagang malasakit, at walang-katapatan ang pagtrato nila sa iba. Ang mga gayong tao ay hindi matapat, likas na malupit, walang habag sa iba, at walang pagmamahal sa iba. Kung tunay kang may budhi, dapat mong pag-isipang mabuti, bulay-bulayin ang ganito: “Yayamang tinanong nila ako, maaaring nasa isang lubhang mahirap na sitwasyon sila. Karaniwan nang napakasigasig nilang naghahanap at napakapositibo habang tumutupad ng kanilang tungkulin. Kung talagang ikinatitisod nila ang paghihirap na ito, o nagiging negatibo sila dahil rito at naaapektuhan ang kanilang tungkulin, hindi ito magiging kapaki-pakinabang para sa kanila o para sa bahay ng Diyos. Paano ko ba sila dapat tulungan upang malutas ang kanilang problema?” Bulay-bulayin mo ito at mahahanap mo sa iyong puso ang paraan pasulong at malalaman mo kung anong gagawin, at pagkatapos, makisalamuha ka sa kanila. Paminsan, hindi ganap na magiging malinaw ang una ninyong pagsasalamuha, dahil ikaw rin mismo ay nagbubulay-bulay, naghahanap at nananalangin at hindi pa kayang lubos na maunawaan ang bagay. Huwag kang masyadong magmadali, dapat mong pag-isipan ang mga tamang salita na sasabihin, at pag-isipan kung paano mo masasabi ang mga bagay na ito sa paraang matuturuan ang kasama at mas malamang na hindi maging negatibo, at nang sa gayon magawa nilang mahanap ang landas pasulong. Kinakailangan sa mga bagay na ito ang maingat na pag-iisip, at kinakailangang pagsikapan mong bulay-bulayin ang mga ito nang buong-ingat. Kaya’t buong-ingat mong binubulay-bulay, nananalangin ka nang

nananalangin, at marahil walang masyadong kayarian ang mga salitang sinasabi mo sa una, subalit, habang nagsasalita ka, ang ibig mong sabihin ay lalo pang magiging maliwanag at malinaw—at kapag lubos mong nauunawaan ang bagay, magiging ganoon din ito sa iyong kasama. Habang nilulutas mo ang problema, kumkilos ka nang ayon sa katotohanang prinsipyo, at ikaw rin, magagawa mong matamo ang isang aspekto ng katotohanan at matuto, habang nakakatulong sa iba. Ito ang espesyal na trato na ibinibigay ng Diyos sa tao kapag isinasagawa niya ang katotohanan, at ang espesyal na pagtatangi para sa tao.

Hinango mula sa "Sa Paghahanap Lamang sa Katotohanan Malulutas ng Tao ang Kanilang mga Paniwala at Maling-Pagkaunawa sa Diyos" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Para sa isang taong tunay na may pagkatao—ibig sabihin, isang taong nagtataglay ng katotohanang realidad—ano ang kanilang mga prinsipyo sa paggawa ng mga bagay? Una, naituturing nila nang may pagmamahal ang karamihan ng hinirang na mga tao ng Diyos, kilala man nila ang mga ito o hindi. Tanging pagkatapos mong ganap na matiyak na isang masamang tao ang isang tao, isang ayaw sa katotohanan at hindi makakapagbago kailanman, saka mo lamang maituturing ang gayong tao gamit ang karunungan sa halip na pagmamahal. Kung hindi ka lubos na nakatitiyak na masamang tao sila na ayaw sa katotohanan at lubos na walang pag-asa, kailangan mo silang ituring nang may pagmamahal. Ano ang pagmamahal? Ang pagmamahal ay ang pagsasagawa ng pagtulong, pagdidilig, pag-aaruga, at pagsuporta sa mga tao batay sa katotohanan at alinsunod sa mga salita ng Diyos. Bilang karagdagan, paglulutas ito ng mga paghihirap at mga suliranin ng mga tao ayon sa katotohanan, at kabilang dito ang pagtatabas at pakikitungo sa kanila, at mahigpit na paglalantad at pagsusuri ng sinumang nakagawa ng mga paglabag o nagpakita ng walang-ingat na pag-uugali o na ginagambala ang gawain ng Diyos. Hangga't alang-alang ito sa pagtulong sa mga tao at pagpatnubay sa kanila na pumasok sa katotohanang realidad, kung malumanay mo man

silang kausapin o malupit na tabasin at pakitunguhan, saklaw ng pagmamahal ang lahat ng ito. Kung nagsasalamuha ka batay sa salita ng Diyos ang katotohanan, nagbubunsod sa mga tao na tanggapin ito ng buong puso at makita na wala kang masamang hangarin at na nagiging makatarungan at walang-pinapanigan, kung gayon makukumbinsi sila sa kung ano ang iyong sinasabi. Gayunman, kailangang mayroon kang mga prinsipyo kapag nangangasiwa ng mga tao. Hindi mo maaaring basta lamang palitan, alisin, o itiwalag ang sinuman na wala munang pagtatabas at pakikitungo sa kanila, pagkatapos matuklasan ang kanilang mga paglabag; hindi magiging katanggap-tanggap na gawin ito. Maaari kang maging napakahigpit kapag nagtatabas at nakikitungo sa mga tao, subalit kailangang maibigay sa mga tao ang ilang pataan kapag pinapangasiwaan mo sila. Hindi maaaring napakabigat ng iyong kamay na basta na lamang hahampasin ng patpat ang mga tao hanggang mamatay; kailangan mo silang bigyan ng pagkakataong magsisi, makatarungan silang pangasiwaan, at hayaan silang makita na inililigtas ng Diyos ang mga tao sa pinakaposibleng makakaya. Gayunman, kung ginagamit ng ilang mga tao ang pagpapahayag na, “Inililigtas ng Diyos ang mga tao sa pinakaposibleng makakaya,” bilang dahilan upang panatilihin yaong mga wala nang lunas na demonyo at Satanas sa bahay ng Diyos, kung gayon panlalansi ito ni Satanas. Nais nilang gamitin ang mga salitang ito upang makamit ang layuning mapanatili si Satanas sa bahay ng Diyos upang magdulot ng mga pagkagambala sa gawain ng bahay ng Diyos. Samakatuwid, dapat gamitin sa yaong maaaring mailigtas ang prinsipyo ng pagtulong sa iba dala ng pagmamahal, subalit hindi sa yaong mga taong wala nang lunas na sa halip ay maaaring pangasiwaan ayon sa mga atas administratibo at mga prinsipyo ng iglesia pati na rin nang may karunungan. Ganito ang paraan ng pangangasiwa ng mga bagay nang may prinsipyo.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

Dapat mo ring maunawaan ang mga prinsipyo kapag nagmamahal ng

isa’t isa. Kung kinakailangang tumulong at magsalamuha sa iba, dapat mo silang tulungan nang wasto at mabisa alinsunod sa kanilang tayog at mga kalagayan; tulungan sila sa anumang mga paraan na makakapagpatanggap sa kanila nito. Kung may nagawang mali ang isang tao, at hindi tatanggapin ang iyong pagsasalamuha kahit paano mo ito bigkasin, kung gayon dapat ka munang tumigil sa pagsubok na magsalamuha sa taong iyon. Sa halip, magsimula sa pamamagitan ng pananalangin para sa kanila, at maghintay pagkatapos para sa isang angkop na pagkakataon para sumama upang magsalamuha. Kung hindi naaangkop ang mga salitang sinasabi nila, maaari mo silang itama, subalit dapat mo ring ibatay iyon sa kanilang kalagayan; kung matatanggap nila ang iyong punang nakatutulong, kung gayon maaari mong tuwirang ipunto ang mga bagay sa kanila upang ipamalay sa kanila ang kanilang mga suliranin. Gayunman, kung nahihirapan silang tanggapin ang iyong puna, dapat na hindi mo tuwirang sabihin sa kanila na mali sila; sa halip, magsimula sa pamamagitan ng paggamit ng kaunting karunungan. Sa madaling salita, ang pinakamahalagang bagay sa pagtulong sa mga tao ay ang ibatay kung paano mo sila tutulungan sa kung matatanggap ba nila ito o hindi. Kung makakaya nila, at maaaring makamit ang isang mabuting epekto, maaari kang magpatuloy; kung hindi nila matatanggap ang iyong tulong, at walang mabuting epekto ang maaaring makamit, kung gayon hindi ka dapat padalus-dalos na kumilos at magpigil bago mo masira ang ugnayan sa pagitan ninyo. Napakahilig ng mga tao na kumilos nang wala sa kanilang laman at dugo; kapag naputol ang ugnayang ito, hindi madaling gawin ang gawain. Magsimula sa pamamagitan ng pangangalaga sa ugnayan, at pagkatapos manalangin sa Diyos sa paghahanap ng angkop na landas. Sa pamamagitan ng pakikipagsalamuha sa katotohanan, ipatanggap nang paunti-unti sa ibang tao ang iyong tulong at gumawa ng unti-unting mga pagpapabuti.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

Kailangang lutasin ng yaong mga pinuno at mga manggagawa ang

mga suliranin ng kanilang mga kapatid ayon sa tayog ng kanilang mga kapatid, pinagtutuunan ng pansin ang ginagamit nilang mga pamamaraan. Saka lamang nila makakamit ang hangaring tulungan ang kanilang mga kapatid; saka lamang magiging mabisa ang kanilang gawain. Kapag nagsasabi ng hindi naaangkop na bagay ang isang kapatid na lalaki o kapatid na babae na hindi naman talaga bumubuo ng isang malalang usapin, ni hindi rin ito paglaban o paghatol sa Diyos, may ilang mga pinuno at mga manggagawa na binabansagan sila, sinasabing: “Naghihimagsik ka laban sa Diyos at nilalabanan Siya. Ginagawa mo ang ganiyan-at-ganoon.” Natutulungan ba nito ang kanilang mga kapatid? Hindi ba ito isang paraan ng pag-uusig, pagpaparusa, at pagbabansag sa kanila? Hindi ito ang paraan ng paglilingkod sa mga kapatid. Kung, sa iyong mga kapatid, natuklasan mo sa isang tao ang isang bagay na hindi alinsunod sa katotohanan, huwag hatulan, at huwag pikit-matang ituro ang kanilang mga pagkakamali bago lumitaw ang isang angkop na pagkakataon. Huwag ulit-ulitin ang usapin. Normal na makipag-ugnayan sa kanila hanggang handa na ang sandali upang lutasin ang usapin sa pamamagitan ng pagsasalamuha. Halimbawa, sabihing natuklasan mo na may sinabi o ginawang mali ang isang tao. Maaari kang magsimula sa pamamagitan ng pag-iisip-isip dito, pagninilay sa nauugnay na mga katotohanan, at tingnan sa kung anong paraan mali ang kanilang sinabi o ginawa. Isipin kung aling aspeto ng katotohanan ang nilabag nito, aling aspeto ng lason ni Satanas ang kumontrol dito. Pagkatapos, gumawa ng paghahambing at siyasatin ang iyong sarili, at tingnan kung umiiral sa iyo ang gayong suliranin. Kung natatagpuan mo sa iyong sarili ang katulad na katiwalian, lutasin muna ang iyong sariling suliranin. Dahil doon magkakaroon ka ng karanasan at patotoo. Pagkatapos mong magkaroon ng karanasan na ito at tunay na makilala ang iyong sarili, at pagkatapos mong magbago, pumunta ka na sa iyong mga kapatid at dahan-dahang magsalamuha sa kanila. Isama ang iyong aktwal na karanasan sa iyong pagsasalamuha. Pagkarinig dito, makakapagnilay din sa kanilang mga sarili ang iyong mga kapatid at makikita ang kanilang sariling katiwalian, at malulutas din ang kanilang

mga suliranin. Isa itong mabuting paraan upang tumulong sa mga tao. Mababa ang tayog ng karamihan ng mga tao, hindi nauunawaan ang malaking bahagi ng katotohanan, at hindi nakakaaninaw, kaya, kapag may natuklasan kang suliranin sa iba, huwag itong walang tigil na ulit-ulitin. Ayusin muna ang iyong sariling mga suliranin, at, pagkatapos malutas ang mga ito, humanap ng pagkakataon para gamitin ang pamamaraan ng pagsasabi ng iyong patotoo at magsalamuha kung paano mo naunawaan ang aspetong ito ng katotohanan, kung paano mo nakilala ang aspeto ng nabunyag na katiwalian, at kung paano mo nasabi ang kaibhan at nakita sa pamamagitan ng aspetong ito ang lason ni Satanas. Pagkatapos marinig ito, maaaring matulungan ng iyong mga karanasan ang iba at mahanap ang landas ng pagsasagawa. Sa ganitong paraan, hindi mo na napipinsala ang iba o naiimpluwensyahan ang kanilang paghahangad, nalulutas mo rin ang kanilang mga suliranin. Mabuti ito. Kung may isang taong gumagawa ng tunay na mga pagkilos ng pagkasira o pagkagambala laban sa gawain ng bahay ng Diyos, gumagamit ng matinding impluwensya sa pagpasok sa buhay ng kanilang mga kapatid, sa gayong kalagayan, maaari kang humanap ng madaling pagkakataon upang magsalamuha sa kanila. Gayunman, kapag nagsasalamuha ka, dapat na tama ang gamiting pamamaraan, dahil naibunyag sa lahat ng mga tao ang katiwalian, at lalo na sa mga bagong dating sa pananampalataya, na mababa ang tayog. Dapat natin silang ituring nang may pagtitiyaga at pumili ng di-tuwirang paraan sa ating pagsasalamuha sa kanila. Sabihin ang tungkol sa iyong sariling mga nauugnay na paghahayag ng katiwalian, at kung paano mo natuklasan at nakilala ang mga ito pagkatapos ng katotohanan, upang sila rin ay maabot ang gayong pag-unawa. Anuman ang gawin mo, huwag mong ulit-ulitin ang kanilang mga pagkukulang, nilalantad, sinusumpa, at binabansagan sila. Kung gagawin mo, magiging mahirap para sa kanila ang tumanggap. Samakatuwid, kapag nakikipagsalamuha sa katotohanan upang tulungan ang iba, kailangan mong pagtuunan ng pansin ang paraan kung paano mo ito ginagawa. May ilang mga tao na mababang-mababa ang tayog, kaya kailangan mo silang ituring sa mga pamamaraan na bagay

sa mga taong may mababang tayog. Kapag tumaas ang kanilang tayog, maaari kang magsalita nang kaunting mas tuwiran sa kanila, o bahagyang mas mahigpit. Pinipigilan sila ng paraang ito na madapa. Sa madaling salita, upang matulungan at mapaglingkuran ang mga tao, at lalo na upang mapamunuan ang mga kapatid na bago sa pananampalataya, kailangang maging maingat ka sa iyong asal at kumilos nang may pagmamahal. Sa ganitong paraan, magiging madaling tanggapin para sa iyong mga kapatid ang iyong sinasabi; kung walang pagmamahal ang pagsasalamuha mo sa iba, at ang iyong pag-iisip ay isang may paghamak at panunuya, at sinisisi mo sila, masisira ang kanilang loob at mananatiling hindi kumbinsido. Gugustuhin nilang makipagtalo sa iyo o kahit ilantad ang iyong sariling mga suliranin bilang kapalit. Mapang-abala ito. Kaya, kapag natuklasan mo kung anong aspeto ng katiwalian ang mayroon ang iyong mga kapatid at nais mo silang tulungan, ipanalangin mo muna sila. Kapag natapos kang manalangin, iwasto ang iyong sariling pag-iisip, itama ang iyong kaisipan, at pagkatapos ay magpatuloy at magsalamuha sa kanila. Mabuti itong paraan upang lutasin ang mga bagay. Kapag mali ang iyong kaisipan, kung gayon malamang na matutupad mo ang mismong kabaligtaran ng kung ano ang iyong tinatangka. Kung isang pinuno o manggagawa na may karapatang mamuna o manisi ng mga kapatid ang tingin mo sa iyong sarili, palaging nagsasalita mula sa iyong puwesto, mahihirapan ang iyong mga kapatid na tanggapin ang iyong mga salita, at hindi magiging madali na tulungan ang iba na lutasin ang kanilang mga suliranin.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

128. Ang mga Prinsipyo kung Paano Magagamot ang mga Kapatid

(1) Ang mga madalas magbasa ng mga salita ng Diyos, natatanggap ang katotohanan, at ginagampanan ang kanilang tungkulin sa abot ng kanilang makakaya ay mga kapatid, at dapat tratuhin nang naaayon;

(2) Tuwing nahihirapan o nakakaranas ng pagkanegatibo at kahinaan ang mga kapatid, dapat silang bisitahin at suportahan. Dapat may

magbahagi sa kanila nang buong pagmamahal na makisama sa katotohanan sa kanila, at tulungan silang malutas ang kanilang mga problema sa abot ng kanilang makakaya;

(3) Ang mga kapatid na nasa gitna ng mga pagsubok at pagdurusa ay dapat bisitahin at ang katotohanan ay madalas na maibahagi sa kanila. Suportahan ang bawat isa, at tulungan ang bawat isa na matikman ang pag-ibig ng Diyos;

(4) Hindi dapat kumilos nang walang malasakit ang bawat isa hinggil sa praktikal na mga paghihirap na kinakaharap ng mga kapatid na nagkasala at medyo may mahingng pagkatao, sa halip dapat gawin ang lahat upang matulungan silang malutas ang kanilang mga kahirapan;

(5) Ang pagtawag sa iyong mga kapatid ay hindi lamang upang malutas ang kanilang mga isyu sa pagpasok sa buhay; dapat din silang mabigyan ng tulong tuwing nakakaranas sila ng paghihirap sa kanilang mga sambahayan. Ito ang ibig sabihin ng pagkakaroon ng isang tunay na mapagmahal na puso.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

“Lahat ng taong umiibig sa katotohanan ay mga kapatid.” Tanging ang mga umiibig sa katotohanan ang kabilang sa pamilya ng Diyos; sila lamang ang tunay na mga kapatid. Iniisip mo ba na ang lahat ng nasa tahanan ng Diyos at kayang maniwala sa Diyos ay mga kapatid? Anong mga tao ang hindi mga kapatid? Yaong mga hindi tumatanggap at namumuhi sa katotohanan, yaong masasama, at ang ilang tao na may masamang pagkatao. May ilan pa nga na mistulang may mabuting pagkatao sa panlabas, subalit nangingibabaw sa paglalaro ng mga pilosopiya para sa pamumuhay; gagamit ang mga taong ito ng mga tusong pakana at gagamitin, uulukan, at dadayain ang iba. Sa sandaling may sinumang magbanggit ng katotohanan, hindi sila interesado, kinamumuhian nila ito, hindi nila kayang tiisin na mapakinggan ang tungkol dito, at nararamdaman nila na nakakabagot ito at hindi mapakali sa pagkakaupo. Ang mga ganitong uri ng tao ay mga hindi naniniwala, at sadyang hindi mo sila dapat ituring bilang mga kapatid. Baka suhulan ka nila ng isang uri ng

pakinabang, o gawan ka ng ilang mumunting kabutihang-loob. Gayunman, sa sandaling simulan mo ang pagbabahagi sa kanila ng tungkol sa katotohanan, magsisimula lamang silang maghuntahan ng tungkol sa mga karaniwang bagay. Lagi nilang pinag-uusapan ang mga bagay na ukol sa laman, mga bagay ukol sa gawain, mga makamundong bagay, mga bagay na may kinalaman sa mga tunguhin ng mga hindi naniniwala, mga bagay ukol sa pagmamahal at sa pamilya. Naghuhuntahan lamang sila tungkol sa mga bagay na panlabas; wala sa sinasabi nila ang may kinalaman sa katotohanan, sa pagkakaroon ng pananampalataya sa Diyos, o sa pagsasagawa ng katotohanan. Anong uri ng tao ang mga ito? (Sila ay mga hindi naniniwala at walang paniniwala.) Ang ilan sa mga taong ito ay tumutupad pa rin nga ng kanilang mga tungkulin, at ang ilang tumutupad sa kanilang mga tungkulin ay tahimik na nagbibigay lamang ng bahagyang pisikal na pagsisikap sa kanilang tungkulin; hindi nila kailanman binabasa ang mga salita ng Diyos o ibinabahagi ang tungkol sa katotohanan. Mga kapatid ba ang ganoong uri ng mga tao? Sadyang hindi mga kapatid ang mga ito.

Hinango mula sa “Makakaya Lamang ng Mga Tao na Maging Totoong Masaya sa Pamamagitan ng Pagiging Matapat” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung hindi pa ninyo nahahanap ang damdamin at ang mga prinsipyo ng pagiging isang banal, pinatutunayan nitong ang inyong pagpasok sa buhay ay masyadong mababaw, at na hindi pa ninyo nauunawaan ang katotohanan. Sa inyong pag-uugali at kapaligiran kung saan kayo namumuhay araw-araw, hinihingi nito sa inyong lumasap at magnilay, makisalamuha sa isa’t isa, palakasin ang loob ng isa’t isa, panatilihing alisto ang isa’t isa, tulungan at alagaan ang isa’t isa, at mag-alalayan at magbigayan sa isa’t isa. Huwag laging magtuon sa pagkakamali ng iba, ngunit magnilay sa inyong sarili nang madalas, at pagkatapos ay maging handa sa pag-amin sa kapwa kung ano ang nagawa ninyo na nagsanhi sa pagkagambala o kapinsalaan sa kanila. Matuto kayong buksan ang inyong sarili at makisalamuha, at madalas na makipagtalakayan kung paano

makikisalamuha sa praktikal na paraan batay sa mga salita ng Diyos. Kapag ang kapaligiran ng inyong mga buhay ay madalas na ganito, ang mga ugnayan sa pagitan ng mga magkakapatid ay nagiging normal—hindi masalimuot, walang pakialam, malamig, o malupit gaya ng mga ugnayan sa pagitan ng mga hindi mananampalataya. Unti-unti ninyong tatanggalan ang inyong mga sarili ng ganyang mga ugnayan. Nagiging mas malapit at magkapalagayang-loob ang magkakapatid sa isa't isa; nagagawa ninyong tulungan ang isa't isa, at mahalin ang isa't isa; mayroong mabuting kalooban sa inyong mga puso, o mayroon kayong kaisipan na nagagamit ninyo upang makapagpaubaya at mahabag sa isa't isa, at tinutulungan at inaalagaan ninyo ang isa't isa, kaysa sa isang kalagayan at kaugalian kung saan kayo ay nag-aawayan, nagyuyurakan, nagkakaselosan, nakikisali sa lihim na pakikipagtagisan, nagkikimkim ng mga panunuya o panghahamak sa isa't isa, o kung saan ay walang sumusunod kaninuman. Ang pamumuhay sa ganoong mga kalagayan o mga pangyayari ay lumilikha ng isang napakahirap na ugnayan sa pagitan ng mga tao. Hindi lamang ito lumilikha ng lahat ng klase ng negatibong impluwensya sa iyo at nakapananakit sa iyo, kundi negatibo ring naiimpluwensyahan at nasasaktan ang iba sa magkakaibang antas. Napakahirap, sa pangkalahatan, para sa mga taong mapagtagumpayan ito—nagagalit ka kapag mali ang tingin sa iyo ng iba, o kapag may sinasabi silang hindi naaayon sa iyong kalooban, at kapag may ginagawa ang isang tao na pumipigil sa iyo na maipakita ang kaya mong gawin, naghihinanakit ka sa kanila, at ikaw ay hindi mapalagay at hindi masaya, at ang naiisip mo lamang ay kung paano maibabalik ang reputasyon mo. Partikular na walang kakayahan ang mga kababaihan at kabataan na pagtagumpayan ito. Lagi silang naiipit sa ganitong mga makikitid na disposisyon, mga pag-aalburoto, mga makikitid na damdamin, at mahirap para sa kanila na humarap sa Diyos. Naiipit sa buhol-buhol at masalimuot na tila sapot na ugnayang nakapulupot sa kanila, mahirap para sa mga taong manahimik sa harap ng Diyos, at manahimik sa mga salita ng Diyos. Kung gayon, dapat na matutunan mo muna kung paano makisama nang maayos sa

iyong mga kapatid. Dapat kayong maging mapagparaya sa isa't isa, maluwag sa isa't isa, makita kung ano ang natatangi sa isa't isa, kung ano ang kalakasan ng isa't isa—at dapat kayong matutong tanggapin ang pananaw ng iba, at balikan ang nasa kaibuturan ng inyong sarili upang magsagawa ng pagmumuni-muni sa sarili at magtamo ng kaalaman tungkol sa sarili. Huwag mong bigyang-layaw ang sarili mo, o palayain ang iyong mga ambisyon, mga pagnanasa, o ang iyong mga kahinaan, at pilitin ang ibang makinig sa iyo, gawin ang sinasabi mo, humanga sa iyo, at iangat ka, samantalang hindi inaalintana ang kalakasan ng iba habang pinalalala at pinalalaki ang kanilang mga pagkukulang nang walang pagpipigil, sa lahat ng dako ay isinasapubliko, minamaliit at hinahamak ang kanilang mga pagkukulang, o gumagamit ng mga salita at iba pang mga mga paraan upang saktan at yamutin ang kapwa, nang magawa mo na sila ay sumunod sa iyo, makinig sa iyo, matakot sa iyo, at pagtaguan ka. Nais ba ninyong makitang magkaroon ng o umiral ang ganoong ugnayan sa pagitan ng mga tao? Nais ba ninyong maramdaman ang ganoon?

Hinango mula sa "Ang Pinakamahalagang Prinsipyo para sa Pagsasagawa ng Pagpasok sa Katotohanang Realidad" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Hindi itinatatag ang mga kaugnayang ito sa laman, kundi sa pundasyon ng pagmamahal ng Diyos. Halos walang pakikipag-ugnayan sa laman, ngunit sa espiritu ay may pagsasamahan, pagmamahalan, kapanatagan sa isa't isa, at paglalaan para sa isa't isa. Lahat ng ito ay ginagawa sa pundasyon ng isang pusong nakakalugod sa Diyos. Ang mga kaugnayang ito ay hindi pinananatili sa pag-asa sa pilosopiya ng tao sa pamumuhay, kundi likas na likas na nabubuo sa pamamagitan ng pagdadala ng isang pasanin para sa Diyos. Hindi nito kinakailangan ang pagsisikap na gawa ng tao. Kailangan mo lamang magsagawa ayon sa prinsipyong salita ng Diyos. Handa ka bang isaalang-alang ang kalooban ng Diyos? Handa ka bang maging isang taong "walang katwiran" sa harap ng Diyos? Handa ka bang ibigay nang lubusan ang puso mo sa Diyos at balewalain ang iyong katayuan sa mga tao? Sa lahat ng taong

nakakasalamuha mo, kanino ka may pinakamagagandang kaugnayan? Kanino ka may pinakamasasamang kaugnayan? Normal ba ang mga kaugnayan mo sa mga tao? Tinatrato mo ba nang pantay-pantay ang lahat ng tao? Pinananatili mo ba ang iyong mga kaugnayan sa iba ayon sa iyong pilosopiya sa pamumuhay, o nakatatag ba ang mga ito sa pundasyon ng pagmamahal ng Diyos? … Ang isang normal na kaugnayan sa pagitan ng mga tao ay itinatatag sa pundasyon ng pagbibigay ng kanilang puso sa Diyos, at hindi sa pamamagitan ng pagsisikap ng tao. Kung wala ang Diyos sa kanilang puso, ang mga kaugnayan sa pagitan ng mga tao ay mga kaugnayan lamang ng laman. Hindi normal ang mga ito, kundi sa halip ay pagpapalayaw sa pagnanasa ng laman. Mga kaugnayan ang mga ito na kinamumuhian ng Diyos, na Kanyang kinasusuklaman. Kung sasabihin mo na ang iyong espiritu ay naantig, ngunit gusto mo palaging makisalamuha sa mga taong gusto mo, sa sinumang tinitingala mo, at kung may ibang taong naghahangad ngunit hindi mo sila gusto, at mayroon ka pang ayaw sa kanila at ayaw mo silang pakisamahan, dagdag na patunay ito na maramdamin ka at ni wala ka man lang normal na kaugnayan sa Diyos. Tinatangka mong linlangin ang Diyos at ikubli ang sarili mong kapangitan. Kahit may maibabahagi kang kaunting pagkaunawa subalit mali ang iyong mga layon, lahat ng ginagawa mo ay mabuti lamang ayon sa mga pamantayan ng tao. Hindi ka pupurihin ng Diyos—kumikilos ka ayon sa laman, hindi ayon sa pasanin ng Diyos. Kung nagagawa mong patahimikin ang puso mo sa harap ng Diyos at mayroon kang normal na pakikipag-ugnayan sa lahat ng nagmamahal sa Diyos, saka ka lamang angkop na kasangkapanin ng Diyos. Sa ganitong paraan, gaano ka man nakikisalamuha sa iba, hindi ito magiging ayon sa isang pilosopiya sa pamumuhay, kundi magiging sa harap ng Diyos, pamumuhay sa isang paraan na nagsasaalang-alang sa Kanyang pasanin.

Hinango mula sa “Napakahalagang Magtatag ng Isang Normal na Kaugnayan sa Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ano ang tiyak na kabilang sa pagkilos ayon sa prinsipyo? Halimbawa

sa usapin ng pakikitungo sa iba, ano ang mga prinsipyo sa kung paano makitungo sa mga may katayuan at mga wala, gayundin sa mga karaniwang kapatid at mga pinuno at manggagawang nasa iba't ibang antas? Hindi mo maaaring pakitunguhan ang iyong mga kapatid na katulad ng pakikitungo ng mga hindi naniniwala sa mga tao; dapat kang maging patas at makatuwiran. Hindi ka maaaring maging malapit sa isang ito, ngunit hindi sa isang iyon; ni hindi ka dapat bumuo ng mga grupo o barkada. hindi mo maaaring apihin ang mga tao dahil hindi mo sila gusto, o purihin ang mga kinatatakutan. Ito ang ibig sabihin ng mga prinsipyo. Dapat kang magkaroon ng prinsipyo sa pakikitungo sa ibang mga tao; dapat mo silang pakitunguhan lahat nang patas. Kung hinihikayat mo ang mga sa tingin mong mabuting nasa iyong tabi habang ibinubukod ang mga mahirap lapitan, hindi ka ba nagkukulang sa mga prinsipyo? Ito ang pilosopiya ng mga hindi naniniwala sa pamumuhay sa mundo, at ito ang prinsipyo sa likod ng paraan kung paano nila pakitunguhan ang ibang tao. Ito ay kapwa ugali at lohikang sataniko. Ayon sa anong prinsipyo mo dapat tratuhin ang mga miyembro ng pamilya ng Diyos? (Tratuhin ang bawat isang kapatid nang patas.) Paano mo sila tinatrato nang patas? Lahat ay may maliliit na pagkakamali at pagkukulang, maging ng ilang kakatwang gawi; lahat ng tao ay may taglay na pagmamagaling, kahinaan, at mga aspeto kung saan sila nagkukulang. Dapat kang tumulong sa kanila nang may pusong mapagmahal, maging mapagparaya at matiisin, at huwag maging masyadong malupit o huwag mong palakihin ang bawat maliit na detalye. Sa mga taong bata pa o bago pa lang na nananalig sa Diyos, o kailan lang nagsimulang gumanap sa kanilang mga tungkulin at may ilang espesyal na kahilingan, kung basta mo na lang sasamantalahin ang mga bagay na ito at gagamitin ang mga ito laban sa kanila, ito ang tinatawag na pagmamalupit. Hindi mo pinapansin ang kasamaang ginawa ng mga bulaang lider at anti-cristong iyon, subali't kapag namataan mo ang maliliit na pagkukulang at pagkakamali ng iyong mga kapatid, ayaw mo silang tulungan, sa halip ay pinipili mong palakihin ang mga bagay-bagay at hinuhusgahan sila nang talikuran, sa gayo'y dumarami pa ang mga taong

kumokontra, hindi nagsasali, at nagbubukod sa kanila. Anong klaseng pag-uugali iyan? Paggawa lamang iyan ng mga bagay-bagay ayon sa sarili mong kagustuhan, at hindi pagtrato nang patas sa mga tao; nagpapakita iyan ng isang tiwali at napakasamang disposisyon! Paglabag iyan! Kapag gumagawa ang mga tao ng mga bagay-bagay, nakamasid ang Diyos; anuman ang ginagawa mo at paano ka man nag-iisip, nakikita Niya iyon! Kung nais mong maunawaan ang mga prinsipyo, kailangan mo munang maunawaan ang katotohanan. Kapag nauunawaan mo na ang katotohanan, mauunawaan mo ang kalooban ng Diyos; kung hindi mo nauunawaan ang katotohanan, tiyak na hindi mo mauunawaan ang kalooban ng Diyos. Sinasabi sa iyo ng katotohanan kung paano tratuhin ang mga tao, at kapag naunawaan mo na ito, malalaman mo kung paano tratuhin ang mga tao ayon sa kalooban ng Diyos. Malinaw na ipinapakita at ipinahihiwatig sa mga salita ng Diyos kung paano mo dapat tratuhin ang iba; ang saloobin ng Diyos sa pagtrato sa sangkatauhan ang saloobing dapat taglayin ng mga tao sa pagtrato nila sa isa't isa. Paano tinatrato ng Diyos ang bawat isang tao? Ang ilang tao ay isip-bata, o bata pa, o nanalig na sa Diyos sa loob ng maikling panahon. Maaring nakikita ng Diyos ang mga taong ito bilang hindi masama ni malisyoso ang kalikasan at esensya; medyo mangmang lang sila o kulang sa kakayahan, o narumihan na sila nang husto ng lipunan. Hindi pa sila nakapasok sa realidad ng katotohanan, kaya hindi nila maiwasang gumawa ng ilang kalokohan o kamangmangan. Gayunman, sa pananaw ng Diyos, hindi mahalaga ang gayong mga bagay; tumitingin lamang Siya sa puso ng mga tao. Kung desidido silang pumasok sa realidad ng katotohanan, patungo sila sa tamang direksyon, at ito ang kanilang layon, sa gayo'y nakamasid sa kanila ang Diyos, naghihintay, at nagbibigay ng panahon at mga pagkakataon para makapasok sila. Hindi naman sa pinababagsak sila ng Diyos sa isang suntok, ni sinasamantala ang isang pagkakamaling minsan nilang nagawa at hindi na sila binibitawan; hindi Niya natrato nang ganito ang mga tao kahit kailan. Ngayong nabanggit iyan, kung ganyan ang pagtrato ng mga tao sa isa't isa, hindi ba nagpapakita iyan ng kanilang tiwaling disposisyon?

Iyan mismo ang kanilang tiwaling disposisyon. Kailangan mong tingnan kung paano tinatrato ng Diyos ang mga taong mangmang at loko-loko, kung paano Niya tinatrato ang mga isip-bata, kung paano Niya tinatrato ang normal na mga pagpapakita ng tiwaling disposisyon ng sangkatauhan, at kung paano Niya tinatrato yaong mga may masamang hangarin. Iba-iba ang mga paraan ng Diyos sa pagtrato sa iba't ibang tao, at iba-iba rin ang mga paraan ng Kanyang pamamahala sa napakaraming kundisyon ng iba't ibang mga tao. Kailangan mong maunawaan ang katotohanan ng mga bagay na ito. Kapag naunawaan mo na ang mga katotohanang ito, malalaman mo na kung paano danasin ang mga ito.

Hinango mula sa "Para Tamuhin ang Katotohanan, Dapat Matuto Ka Mula sa Mga Tao, Mga Pangyayari, at Mga Bagay sa Paligid Mo" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung nais ng dalawang tao na magsama nang maayos, kailangan nilang buksan ang kanilang mga puso sa isa't isa; higit na kailangan ito ng mga taong sama-samang gagawa nang may pagkakasundo. Kung minsan, kapag nag-uugnayan ang dalawang tao, hindi nagtutugma ang kanilang mga personalidad, o hindi nagtutugma ang mga kapaligiran, karanasan o kalagayang pang-ekonomiya ng mga pamilya nila. Gayunman, kung bubuksan ng dalawang taong iyon ang kanilang puso sa isa't isa at magiging lubos na bukas tungkol sa kanilang mga suliranin, at makikipag-usap nang walang kasinungalingan at panlilinlang, at magagawang ipakita ang kanilang puso sa isa't isa, kung gayon, sa paraang ito, sila ay magiging tunay na magkaibigan, na ang ibig sabihin ay magiging matalik na magkaibigan sila. Marahil, kapag ang taong ito ay nahihirapan, kayo ang hahanapin niya at wala nang iba. Kahit na pagsabihan mo sila, alam nila na nagsasabi ka ng totoo, dahil alam nila na ikaw ay isang matapat na tao na may pusong taos. Maaari ba kayong maging mga tao na tulad nito? Kayo ba ay ganitong mga tao? Kung hindi, ikaw ay hindi matapat na tao. Kapag nakikipag-ugnayan ka sa iba, kailangan mo munang ipakita sa kanila ang iyong tunay na nararamdaman at katapatan. Kung sa pagsasalita at pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan sa iba, ang mga salita ng isang

tao ay hindi maingat, mabulaklak, mga panunukso, pambobola, hindi responsible, at kathang-isip, o kung nagsasalita lamang sila upang makakuha ng pabor sa iba, kung gayon ang kanilang mga salita ay lubos na walang kredibilidad, at hindi sila talaga matapat. Ito ang paraan nila ng pakikipag-ugnayan sa ibang tao, maging sinuman ang mga ibang taong iyon. Mayroon bang tapat na puso ang taong iyon? Ang taong ito ay hindi tapat. Sabihin na may kakulangan ang isang tao, at tapat at makatotohanan niyang sinasabi sa iyo: “Sabihin mo sa akin kung bakit ako napakanegatibo. Hindi ko lang ito maunawaan!” At sabihin na sa katunayan, nauunawaan mo ang kanilang problema sa iyong puso, pero hindi mo sinabi sa kanila, sa halip ay nagsabi: “Wala ito. Madalas din akong maging negatibo.” Ang mga salitang ito ay malaking kaginhawahan sa nakakarinig nito, ngunit matapat ba ang iyong saloobin? Hindi ito matapat. Hindi ka maingat sa taong ito; para makadama sila ng kaginhawahan at pag-alo, umiwas ka sa pagsasalita nang tapat sa kanila. Hindi ka tapat na nakakatulong sa kanila para maalis nila ang pagiging negatibo. Para lamang maalo sila at para matiyak na walang paglayo o hindi pagkakasundo sa pagitan ninyo, ginawa mo ang pinakamadali sa kanila—at hindi ito ang pagiging isang matapat na tao. Kaya, bilang isang matapat na tao, ano ang dapat mong gawin kapag nahaharap ka sa ganitong uri ng sitwasyon? Sabihin mo sa kanila kung ano ang nakita at natukoy mo: “Sasabihin ko sa iyo kung ano ang nakita ko at kung ano ang naranasan ko. Ikaw ang magpapasya kung ang sinasabi ko ay tama o mali. Kung ito ay mali, hindi mo ito kailangang tanggapin. Kung ito ay tama, umaasa ako na tatanggapin mo ito. Kung may sinasabi ako na mahirap para sa iyo na marinig o nakakasakit sa iyo, umaasa ako na makakaya mong tumanggap mula sa Diyos. Ang intensyon at layunin ko ay ang tulungan ka. Nakikita ko ang suliranin nang malinaw: Nasugatan ang dangal mo. Walang nagpadama sa iyo na importante ka, at sa tingin mo ay mababa ang tingin ng lahat sa iyo, na inaatake ka, at hindi ka pa kailanman nagawan ng ganitong kalaking pagkakamali. Hindi mo ito makaya at naging negatibo ka. Ano sa tingin mo—ito ba talaga ang nangyayari?” At

pagkarinig nito, madarama nila na ito talaga ang nangyayari. Ito talaga ang nasa puso mo, pero kung ikaw ay hindi isang matapat na tao, hindi mo ito sasabihin. Ang sasabihin mo, “Madalas din akong maging negatibo,” at kapag narinig ng taong ito na ang lahat ay nagiging negatibo, iniisip nila na ito ay normal, at sa huli, hindi nila inaalis ang pagiging negatibo. Kung ikaw ay isang matapat na tao at tinutulungan mo sila na may matapat na saloobin at matapat na puso, maaari mo silang matulungan na maunawaan ang katotohanan.

Hinango mula sa “Sa Pamamagitan Lamang ng Pagiging Matapat Maaaring Makapamuhay na Tulad ng Isang Tunay na Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

129. Ang Mga Prinsipyo ng Pagbabago at Paghingi ng Paumanhin sa Iba

(1) Kung ang isang tao ay nanlinlang o nanakit ng kapatid at ginawa silang negatibo at mahina, dapat silang magbago agad at humingi ng tawad, at hangarin na makuha ang kapatawaran ng taong iyon;

(2) Ang paghingi ng tawad ay nakabatay dapat sa isang katotohanan. dapat humingi ng paumanhin na may tapat at tunay na puso, at hindi lamang mapanlinlang na mag-alok ng iiilan at walang pakialam na mga salita;

(3) Kapag hindi maintindihan ng sinuman, maaaring ipaliwanag ang katibayan ng mga katotohanan sa taong iyon, kung kinakailangan. Hindi dapat maging mapanlinlang, nagbabago at humihingi ng tawad nang walang mga prinsipyo;

(4) Sa pakikipag-ugnay sa kanilang mga kapatid, dapat madalas na magbahagi ng katotohanan at magnilay sa kanilang sarili. Mahalin ang isa’t isa at kilalanin ang puso ng bawat isa, at magkakasama kayo nang matiwasay.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Kung sa isang partikular na pagkakataon o sa isang partikular na sitwasyon, maaaring naramdaman mo na ang pagkilos sa isang partikular

na paraan ay talagang matalinong gawin o na may sapat kang mga dahilan na gawin iyon, kung kaya't ginawa mo ito; pagkaraan nito, naramdaman mong tama lamang ang iyong mga ikinilos at wala kang pinagsisihan. Kinagabihan, nang minuni-muni mo kung ano ang iyong nagawa—o, isang araw, nang nakamit mo ang kaliwanagan o ikaw ay nasisi—saka mo naramdaman na ang dahilang ibinigay mo noong sandaling iyon ay hindi talaga isang dahilan, at dapat ay nakakilos ka sa iba pang paraan. Sa ganitong mga pagkakataon, paano ka ba dapat magsanay? Halimbawa, sabihin nating dinaya mo ang isang tao, o hindi purong katotohanan ang sinabi mo at mayroon kang nakatagong motibo. Kung gayon, dapat kang humayo at hanapin ang taong iyon at suriin ang nagawa mo. Ito ang dapat mong sabihin: "Mayroon akong nakatagong motibo sa likod ng nasabi ko sa iyo nang oras na iyon. Kung matatanggap mo ang paghingi ko ng tawad, pakiusap, patawarin mo ako." Sa gayong paraan, nasusuri mo ang iyong sarili at ikaw ay nagpapakatotoo. Kailangan ng lakas ng loob upang maging isang matapat na tao na nagsusuri ng kanyang sarili at nagpapakatotoo. Pumupunta man sa harap ng Diyos ang mga tao para manalangin, o inaamin ang kanilang mga pagkakamali, nagsisisi, o upang suriin ang kanilang tiwaling mga disposisyon, nasasabi nila ang anumang gusto nila, dahil walang anumang nakikita ang mga tao kapag nakapikit ang kanilang mga mata. Katulad ito ng pagsasalita sa hangin; maaari silang magpakatotoo, at sa paggawa nito, maaari nilang isatinig ang anumang inisip at sinabi nila noon, o ang anumang motibong maaaring kinikimkim nila, at ang anumang panlilinlang na kinasangkutan nila. Gayunman kung ibubunyag mo ang iyong sarili sa ibang tao, maaaring panghinaan ka ng loob, at maaaring mawala ang iyong determinasyon na gawin iyon dahil ayaw mong mapahiya, kung kaya't napakahirap para sa iyo na isagawa ang mga bagay na ito. Kung hinihingi sa iyo na magsalita sa pangkalahatan, nasasabi mo na paminsan-minsan may mga personal na insentibo at nakatagong motibo sa likod ng mga bagay na ginagawa o sinasabi mo, at ang iyong mga salita at kilos ay naglalaman ng katusuhan, karumihan, kasinungalingan, at panlilinlang. Gayunman, kapag may

kinakaharap kang problema na nagpapalantad ng nangyari sa iyo mula sa simula hanggang wakas, alin sa mga salitang sinabi mo ang mapanlinlang, anong uri ng mga nakatagong motibo ang nilalaman ng mga ito, ano ang iniisip mo, kung gaano ka naging malisyoso at tuso, malamang na mawalan ka ng lakas ng loob at huwag naising ibunyag ang iyong sarili nang ganoon kadetalyado o maging espesipiko sa sinasabi mo. Mayroon pa ngang mga taong pagtatakpan ito at sasabihing, “Maliit na bagay lang iyan. Sapat na ang sabihing ang tao ay lubhang mapanlinlang, tuso at di-maaasahan.” Ito ay nagpapakita ng kawalang-kakayahan na harapin nang wasto ang iyong tiwaling diwa, pagiging mapanlinlang, at pagiging tuso; ugali mo nang umiwas, at ikaw ay nasa kalagayan na palaging lumalayo. Palagi mong pinatatawad ang iyong sarili, at wala kang kakayahang magdusa o magbayad ng halaga sa bagay na ito. Kaya, marami nang tao ang sumigaw sa loob ng ilang taon, na laging nagsasabing, “Ako ay sadyang mapanlinlang at tuso; Ako ay madalas na nandaraya sa aking mga kilos, at hindi talaga nagpapakatotoo sa iba.” Gayunman, hanggang sa araw na ito, nananatili silang ganap at lubos na mapanlinlang, sapagkat hindi mo sila kailanman mariringgan ng pagsisisi, o magsuri ng kanilang pagiging mapaninlang at katusuhan na nalantad sa kanilang mga salita at kilos. Bagamat walang paraan para makatiyak tayo na inamin nga nila o hindi ang kanilang mga kasalanan at nagsipagsisi nga sa harapan ng Diyos, kapag kaharap nila ang ibang mga tao, sa sandaling tapos na nilang dayain, linlangin o manipulahin ang mga ito, hindi sila kailanman humihingi ng tawad, nagsusuri ng kanilang mga sarili, o hindi nila nakikilala ang kanilang mga sarili, o sinasabi kung ano ang kanilang natutuhan mula sa bagay na ito. May bagay na napatutunayan sa hindi nila paggawa ng mga iyon: Sa ganitong mga bagay, hindi nila kailanman nagawang maghimagsik laban sa kanilang mga sarili; nagsasalita lamang sila ng mga nakakapukaw na mga salita at doktrina. Maaaring nagsasalita sila ng mga nakakapukaw na mga salita at doktrina upang makasabay sa uso, o maaaring napilitang gawin ang gayon dala ng kanilang mga kapaligiran. Anuman ang kaso, ang pagsambit ng mga gayong nakakapukaw na mga salita at doktrina ay hindi

kailanman makapagpapabago sa kanila.

Hinango mula sa “Ang Pinakasaligang Pagsasagawa ng Pagiging Isang Taong Tapat” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Huwag laging magtuon sa pagkakamali ng iba, ngunit magnilay sa inyong sarili nang madalas, at pagkatapos ay maging handa sa pag-amin sa kapwa kung ano ang nagawa ninyo na nagsanhi sa pagkagambala o kapinsalaan sa kanila. Matuto kayong buksan ang inyong sarili at makisalamuha, at madalas na makipagtalakayan kung paano makikisalamuha sa praktikal na paraan batay sa mga salita ng Diyos. Kapag ang kapaligiran ng inyong mga buhay ay madalas na ganito, ang mga ugnayan sa pagitan ng mga magkakapatid ay nagiging normal—hindi masalimuot, walang pakialam, malamig, o malupit gaya ng mga ugnayan sa pagitan ng mga hindi mananampalataya. Unti-unti ninyong tatanggalan ang inyong mga sarili ng ganyang mga ugnayan. Nagiging mas malapit at magkapalagayang-loob ang magkakapatid sa isa’t isa; nagagawa ninyong tulungan ang isa’t isa, at mahalin ang isa’t isa; mayroong mabuting kalooban sa inyong mga puso, o mayroon kayong kaisipan na nagagamit ninyo upang makapagpaubaya at mahabag sa isa’t isa, at tinutulungan at inaalagaan ninyo ang isa’t isa, kaysa sa isang kalagayan at kaugalian kung saan kayo ay nag-aawayan, nagyuyurakan, nagkakaselosan, nakikisali sa lihim na pakikipagtagisan, nagkikimkim ng mga panunuya o panghahamak sa isa’t isa, o kung saan ay walang sumusunod kaninuman. Ang pamumuhay sa ganoong mga kalagayan o mga pangyayari ay lumilikha ng isang napakahirap na ugnayan sa pagitan ng mga tao. Hindi lamang ito lumilikha ng lahat ng klase ng negatibong impluwensya sa iyo at nakapananakit sa iyo, kundi negatibo ring naiimpluwensyahan at nasasaktan ang iba sa magkakaibang antas.

Hinango mula sa “Ang Pinakamahalagang Prinsipyo para sa Pagsasagawa ng Pagpasok sa Katotohanang Realidad” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Pagkatapos makinig sa salita ng Diyos ang katotohanan, maaaring magmadali ang mga taong minamahal ang katotohanan at gamitin ito sa pagsasagawa, gaano man nito ang kanilang nauunawaan. Halimbawa, kapag gumagawa ng gawain, ang ilang mga tao, dahil hindi nagtamo ng malinaw na pag-unawa sa katotohanan ng isang bagay, dumadating sa puntong nagtatabas at nakikitungo sa kanilang mga kapatid, upang mapagtanto lamang kalaunan sa pamamagitan ng pag-unawa na nagkamali sila ng pakikitungo sa kanila; pagkatapos nagmamadali silang pupunta para humingi ng paumanhin sa mga kapatid na iyon, hinihingi ang kanilang kapatawaran. Habang gumagawa, palaging tinatangkang magpakitang-gilas ng ilang mga tao sa pamamagitan ng pagsasabi ng mga titik at mga doktrina. Pagkarinig sa kanila, nayayamot ang kanilang mga kapatid at nagkakaroon ng opinyon tungkol sa kanila at sinasaway sila. Maaari nilang aminin ang pagkakamali at magsabi ng paumanhin sa lahat, at garantiyahan na hindi na sila muling magsasalita ng mga titik at mga doktrina. Handang magsagawa ng katotohanan ang ganitong mga tao, hindi ba? Sa panahon ng gawain, kung maitatama nila ang anumang mga paglihis o mga kamalian na nagaganap, at isasagawa ang mga aspeto ng katotohanan na kanilang nauunawaan, ang mga taong ito kung gayon ang mga handang magsagawa ng katotohanan, at makakamit ng gayong mga tao ang pag-unawa sa katotohanan at makapapasok sa realidad. Ang ilang mga tao, kahit pagkatapos gumawa ng isang maling bagay at maituro ng iba, ay patuloy na pangahas na nangangatuwiran, matigas ang ulong tumatangging aminin ang pagkakamali. Hindi makapagsasagawa ng katotohanan ang ganitong mga tao, dahil kung hindi sila makaamin na nakagawa ng pagkakamali at hindi magawang tanggapin ang katotohanan, paano pa nila naiisip kung gayon na isagawa ito? Kung may isang taong malinaw na nakagawa ng kamalian subalit hindi pa rin aamin sa pagkakamali, inihahayag na ang mali ang tama upang pangalagaan ang kanilang pagpapahalaga sa sarili, anong uri ng kalikasan kung gayon ang kumokontrol sa taong ito? Hindi ba ito ang mala-demonyong kalikasan ni Satanas? Hindi ba ito ang kalikasan ng malaking pulang dragon? Kung

tayo na naniniwala sa Diyos ay talagang nakagawa ng kamalian, ano kung gayon ang dapat nating gawin? Dapat tayong maging matapang sapat upang ibunyag ang ating mga kamalian, magkaroon ng lakas ng loob na aminin ang pagkakamali, sabihin na ang isa ay isa at ang dalawa ay dalawa, maunawaan kung saan tayo nagkamali upang makapagbago tayo, at garantiyahan na hindi na natin gagawin muli ang kaparehong uri ng kamalian sa hinaharap. Ito ang ibig sabihin ng maging mga taong handang magsagawa ng katotohanan. Kung hindi ka matapang sapat upang magsagawa sa ganitong paraan, at nananatiling may kakayahang hindi tuminag at patuloy na binibigyang katwiran ang iyong mga kilos, o tinutuligsa at pinipigil ang sinumang hindi nasisiyahan sa iyo at may kasalungat na opinyon tungkol sa iyo, ipinapakita nito kung gayon na kinamumuhian mo ang katotohanan at kinapopootan ito, at hindi ka isang taong isinasagawa ito. Bukod doon, kapag nagsasagawa ng katotohanan, kailangang manggaling sa puso ang pagbabayad ng pinsala at paghingi ng paumanhin sa mga tao. Halimbawa, kung nagawan mo ng kapinsalaan ang isang tao, at nais mong ipahayag ang isang paumanhin sa salita subalit hindi nakakaramdam ng paghingi ng tawad sa kaibuturan, kumpol ng mga salita lamang ang paumanhin na ito kung gayon; hindi ito taos-puso, at isa lamang patsada. Panlilinlang at mga kasinungalingan ito, hindi ba? Kailangang manggaling mula sa loob ang pagsasagawa ng katotohanan; kailangang mayroon kang taos-pusong pagnanasa upang isagawa ito—at saka ka lamang magtatagumpay.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

Kung hindi nakaayon sa mga katotohanan ang pagpuna at pagsaway sa iyo ng hinirang na mga tao ng Diyos, paano kung gayon ang iyong reaksiyon? Ayos lang ba sa iyo na tuwirang ikaila ito at tumangging aminin ito? Kailangan mong magsimula sa pamamagitan ng pagtanggap sa kanilang pagpuna, at sabihing, “Hindi ko napansin noon ang isyung ito na inungkat mo, subalit batay sa katotohanan ng aking tiwaling kalikasan, talagang may kakayahan akong makagawa ng gayong kamalian; Hindi ko

pa lamang ito namamalayan. Anuman, dapat ko muna itong tanggapin, subalit tungkol sa kung saan mismo ako kumilos nang hindi naaangkop, dapat akong maglaan ng kaunting oras upang magnilay-nilay sa sarili at maghangad ng kaalaman. Kaya, salamat sa pagpapahayag mo ng opinyong ito sa akin.” Magiging ayos lang ba na sabihin iyon? Hindi napakataas ng hinihingi ng hinirang na mga tao ng Diyos; kung makatarungan ka at makatuwiran, magiging maunawain sila. Kung hindi ka ganoon, at sa halip nabibigong ituring sa tamang paraan ang kanilang pagpunang nakatutulong, problema mo iyon kung gayon; nangangahulugan ito na hindi mo taglay ang katotohanang realidad o normal na pagkatao. Kung nagkakamali ng pag-unawa sa iyong sinabi ang isang hinirang na mga tao ng Diyos, inaakalang ito ay mapagpigil laban sa kanila, paano mo dapat pakitunguhan ang ganitong kalagayan? Dapat mong sabihin, “Nang sabihin ko ang mga bagay na iyon, talagang hindi ko layunin na tangkaing pigilin ka; hindi ko rin naisip kailanman na mailalagay ka nito sa labis-labis na kagipitan. Kung pakiramdam mo na mapagpigil sa iyo ang sinabi ko, tinatanggap ko iyon, dahil kung huhusgahan ang mga kinahinatnan ng walang kinikilingang mga katotohanan, iyon din ay isang uri ng pagpipigil. Kaya’t inaalok ko sa iyo ang isang paghingi ng tawad; paumanhin, at mula ngayon, hindi ko na iyon muling gagawin.” Ang pagsasalita ng katulad nito ay magiging lubos na praktikal at naaayon sa mga katotohanan, dahil sinabi ito mula sa puso. Kahit na hindi mo kailanman layunin ang pagkakasalang iyon, dapat tinanggap mo ang pagpuna, umamin sa iyong mga kamalian, at nagpahayag ng kahandaang magsisi. Ang gayong pag-uugali ay sumusunod sa mga pamantayan ng normal na pagkatao, at ganap na tama at naaayon sa kalooban ng Diyos. Sa hinaharap, sa tuwing nakakaharap ka ng ganitong uri ng kalagayan, ito ang dapat mong gawin.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

130. Ang Mga Prinsipyo ng Pakikipag-ugnay sa kabilang Kasarian

(1) Tingnang mabuti ang masamang diwa sa kailaliman ng katiwalian ng sangkatauhan. Sinuman ay maaaring mahulog sa tukso sa anumang oras, kaya't dapat maging maingat sa kanilang pakikipag-ugnay sa ibang kasarian;

(2) Hangga't maaari, iwasang magtrabaho kasabay ng miyembro ng ibang kasarian. Kung magkakaroon man ng anumang masamang pagiisip, manalangin sa Diyos upang alisin ang mga ito, at ibaling ang iyong isip at lakas sa pagsasagawa ng katotohanan at paggampan sa iyong tungkulin;

(3) Ang maingat ay nakakakita ng panganib at nagkukubli. Dapat dumistansya mula sa mga taong mahalay, at dapat manalangin sa Diyos kapag nahaharap sa tukso, tumakas mula sa kasamaan ng ibang kasarian at mga alanganing kalagayan;

(4) Matutong tanggapin ang pagsisiyasat ng Diyos sa lahat ng mga bagay. Kailangang doblehin ang pagbabasa ng mga salita ng Diyos at pagnilayan kung mayroon silang masamang hangarin, at dapat hanapin ang katotohanan upang malutas ang kanilang masamang disposisyon.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Sa kasalukuyan ay mayroong ilang tao sa iglesia na lumulustay ng salapi, ilan na hindi nagpapanatili ng malinaw na hangganan sa pagitan ng mga lalaki at mga babae, at ilan na humahatol, sumasalungat at nagtatangkang gibain nang lihim ang gawain ng Diyos. Bakit ang lahat ay maayos pa rin sa kanila? Kapag gumagawa ng ganoong mga bagay, taglay nila ang kamalayan at nakadarama ng pagsisisi sa kanilang mga puso at dahil dito ay dumaranas sila kung minsan ng pagkastigo at pagpipino, nguni't talaga lamang masyado silang walang kahihiyan! Kagaya ng kapag ang mga tao ay nakikibahagi sa kahalayan—nalalaman nila kung ano ang kanilang ginagawa sa panahong iyon, nguni't ang kanilang kahalayan ay masyadong malala at hindi nila kayang kontrolin ang kanilang mga sarili. Kahit na disiplinahin sila ng Banal na Espiritu, ito ay magiging walang kabuluhan, kaya ang Banal na Espiritu ay hindi magsasagawa ng pagdidisiplina. Kung hindi sila dinidisiplina ng Banal na Espiritu noon, kung wala silang nadaramang pagsisisi at walang nangyayari sa kanilang laman,

anong pagsisisi ang maaaring umiral pagkatapos? Ang gawa ay nagawa na—ano pang pagdidisiplina ang maaaring umiral? Pinatutunayan lamang nito na sila ay masyadong walang kahihiyan at walang pagkatao, at na nararapat sila sa mga sumpa at kaparusahan! Ang Banal na Espiritu ay hindi gumagawa nang di-kinakailangan. Kung nalalaman mo nang husto ang katotohanan nguni't hindi isinasagawa ito, kung may kakayahan kang gumawa ng anumang kasamaan, ang maaari mo lamang hintayin ay ang pagdating ng araw na ikaw ay parurusahan kasama ng masama. Ito ang pinakamainam na katapusan para sa iyo! Ngayon ay paulit-ulit Ko nang ipinangaral ang tungkol sa konsiyensya, na siyang pinakamababang pamantayan. Kung walang konsiyensya ang mga tao, wala na sa kanila ang pagdidisiplina ng Banal na Espiritu; magagawa nila ang anumang kanilang maibigan at hindi sila pinapansin ng Diyos. Yaong talagang mayroong konsiyensya at katinuan ay malalaman ito kapag gumagawa sila ng isang bagay na mali. Hindi sila mapapakali sa sandaling makaramdam sila ng kaunting pagsisisi sa kanilang konsiyensya; sasailalim sila sa isang panloob na labanan at sa bandang huli ay tatalikdan nila ang laman. Hindi sila aabot sa punto na gumagawa sila ng isang bagay na lubhang sumasalungat sa Diyos. Dinidisiplina at kinakastigo man sila ng Banal na Espiritu, ang lahat ng tao ay may madarama kapag sila ay gumagawa ng isang bagay na mali. Samakatuwid, naiintindihan na ngayon ng mga tao ang lahat ng uri ng mga katotohanan at kung hindi nila isinasagawa ang mga ito, iyon ay isang usaping pantao. Hindi Ako tumutugon sa mga taong kagaya nito sa anumang paraan, ni pinanghahawakan man ang anumang pag-asa para sa kanila. Magagawa mo kung ano ang iyong maibigan!

Hinango mula sa "Pagsasagawa (1)" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Napakakaswal ng ilang tao sa kanilang pamamaraan sa pakikipag-ugnay sa miyembro ng kabilang kasarian. Pakiramdam nila ay balewala lamang ito hangga't walang nangyayari, at hindi nagpapakasasa sa mahahalay na kaisipan o naghahayag ng ilang masasamang pagkahumaling ang sinuman sa dalawa. Dapat bang magkaroon ng

gayong mga saloobin ang isang taong may normal na pagkatao? Palatandaan ba ito ng normal na pagkatao? Kapag may sapat ka nang gulang upang mag-asawa at makipag-pag-ugnayan sa miyembro ng kabilang kasarian, at nais nang umibig, gawin mo ito nang normal, at walang sinumang gagambala. Ngunit hindi gusto ng ilang tao na umibig—nakikipaglandian sila nang ilang araw sa sinumang nakatatawag ng kanilang pansin, at sa sandaling may matipuhan sila, magsisimula silang magpakitang-gilas sa pakay ng kanilang pagnanasa. At paano sila nagpapakitang-gilas? Isang nakataas na kilay, isang kindat ng mata, o pagbabago sa tono ng kanilang boses habang sila ay nagsasalita, o kaya ay kumikilos sila sa isang natatanging paraan o magsisimulang gumawa ng mga nakakatawang pahayag upang mapansin sila; ito ay pagpapakitang-gilas. Kapag ang isang tao na hindi naman karaniwang ganito ay nagpakita ng mga ganitong halatang katangian, makatitiyak kang may ilang miyembro ng kabilang kasarian sa di-kalayuan ang nakatawag ng kanilang pansin. Sino ang mga taong ito? Maaari mong sabihing hindi sila napipigil, o hindi nagtatakda ng malinaw na mga hangganan sa pagitan ng mga kalalakihan at kababaihan, ngunit hindi sila nagpapakita ng anumang kakutya-kutyang asal. Maaaring sabihin ng ilan na sadyang nagpapakahangal sila. Sa madaling salita, umaasal sila sa di-kapita-pitagang paraan; hindi nauunawaan ng mga taong hangal ang pangangailangan na igalang ang sarili. May mga taong nagpapakita ng mga ganitong katangiang sa pang-araw-araw na buhay, ngunit hindi apektado ang pagganap nila sa kanilang mga tungkulin, ni hindi nito naaapektuhan ang pagtapos sa kanilang gawain, kaya’t problema ba talaga ito? Sinasabi ng ilan: “Hangga't hindi nito hinahadlangan ang iyong paghahangad sa katotohanan, kailangan pa ba itong pag-usapan?” Ano ang maiuugnay dito? Ang kahihiyan at dignidad ng pagkatao ng isang tao. Hindi maaaring mawalan ng kahihiyan at dignidad ang pagkatao ng isang tao, at kung wala ang mga ito, hindi maaaring maging normal ang kanilang pagkatao. Ang ilang tao ay kapani-paniwala at masigasig at responsable sa lahat ng kanilang ginagawa. Masikap silang gumagawa, at may mabuting pagkatao, ngunit sadyang

hindi nila sineseryoso ang aspektong ito ng kanilang buhay. Kapag nakikipaglandian ka sa isang miyembro ng kabilang kasarian, nakabubuti ba ito, o nakasasama? Paano kung ang nilalandi mo ay mahulog ang loob sa iyo? Maaari mong sabihing “Hindi iyon ang ibig ko”; ngunit, kung nakikipaglandian ka pa rin sa sinuman kahit hindi naman pala iyon ang ibig mo, hindi mo ba pinaglalaruan ang kanilang damdamin? Pinipinsala mo sila at kumikilos ka nang walang moralidad! Ang mga taong gumagawa nito ay may mahinang pagkatao. Dagdag pa rito, kung wala kang balak na ituloy ang relasyong ito at hindi ka naman seryoso tungkol dito, ngunit itinataas mo pa rin ang iyong mga kilay at kinikindatan ang kabilang kasarian, at nagpapakitang-gilas nang may katuwaan at katatawanan, ginagawa ang lahat upang ipakitang mayroon kang estilo, na ikaw ay isang guwapong ginoo, ipinapakita ang kaguwapuhan ng iyong hitsura—kung nagpapakitang-gilas ka nang ganito, ano ba talaga ang ginagawa mo? (Nang-aakit ng mga tao.) Ngayon, ang ganitong uri ba ng mapang-akit na ugali ay marangal o kasuklam-suklam na bagay? (Ito ay isang nakasusuklam na bagay.) Dito ay sadyang wala nang anumang dignidad.

Hinango mula sa “Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (9)” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

At huwag mong ipalagay na hindi Ko alam kung ano ang iniisip mo sa iyong puso. Maaari mong mahigpit na pigilan ang iyong pagnanasa at iyong laman, nguni’t paanong hindi Ko malalaman ang mga kaisipan na kinakandili mo sa iyong puso? Paanong hindi Ko malalaman ang lahat ng hinahangad ng iyong mga mata? Kayong mga dalaga, hindi ba nagpapaganda kayo nang husto para iparada ang inyong laman? Ano ang pakinabang ninyo sa mga lalaki? Talaga bang maililigtas nila kayo mula sa dagat-dagatan ng pagdurusa? Para naman sa inyong makikisig na binata, nagbibihis kayong lahat para magmukha kayong maginoo at marangal, nguni’t hindi ba iyon isang pakana para mapansin ang inyong kakisigan? Para kanino ninyo ginagawa ito? Ano ang pakinabang ninyo sa mga babae? Hindi ba sila ang pinagmumulan ng inyong kasalanan? Kayong

kalalakihan at kababaihan, marami na Akong nasabi sa inyo, subali't iilan lang ang nasunod ninyo sa mga iyon. Mahina ang mga pandinig ninyo, lumabo na ang inyong mga mata, at matigas ang inyong puso hanggang sa puntong wala nang natira kundi pagnanasa sa inyong katawan, kaya nasisilo kayo nito, at hindi kayo makatakas. Sino ang gustong lumapit sa inyo na mga uod, kayo na namimilipit sa karumihan at putikan? Huwag ninyong kalimutan na wala kayong pinagkaiba sa mga pinalaki ko mula sa tumpok ng dumi, na dati ay wala kayong normal na pagkatao. Ang hinihiling ko sa inyo ay ang normal na pagkatao na dati ay wala kayo, hindi ang iparada ninyo ang inyong pagnanasa o bigyan ng kalayaan ang inyong nabubulok na laman, na nasanay na ng diyablo sa loob ng napakaraming taon. Kapag ganoon kayo manamit, hindi ba kayo natatakot na baka mas lalo kayong masilo? Hindi ba ninyo alam na dati kayong makasalanan? Hindi ba ninyo alam na ang inyong mga katawan ay punung-puno ng pagnanasa kaya tumatagos pa iyon sa inyong damit, na naghahayag ng inyong mga kalagayan bilang napakapapangit at napakaruruming demonyo? Hindi ba alam na alam ninyo ito nang mas malinaw kaysa sinuman? Ang inyong mga puso, ang inyong mga mata, ang inyong mga labi—hindi ba narungisang lahat ang mga ito ng maruruming demonyo? Hindi ba marumi ang mga bahagi mong ito? Palagay mo ba basta't hindi ka kumikilos, ikaw na ang pinakabanal? Palagay mo ba maitatago ng magagandang bihis ang inyong nakakadiring mga kaluluwa? Hindi uubra iyan! Ipinapayo Ko sa inyo na maging higit na makatotohanan: Huwag kayong maging madaya at huwad, at huwag ninyong iparada ang inyong mga sarili. Ipinapasikat ninyo ang inyong pagnanasa sa isa't isa, nguni't kapalit nito ang tatanggapin lamang ninyo ay walang-hanggang pagdurusa at walang-habas na pagpaparusa! Bakit ninyo kailangang magpapungay ng mga mata sa isa't isa at mag-ibigan? Ito ba ang sukat ng inyong integridad, ang hangganan ng inyong pagiging matuwid? Kinamumuhian Ko yaong mga nakikisangkot sa inyo sa masasamang panggagamot at pangkukulam; kinamumuhian Ko ang mga binata't dalaga sa inyo na nagmamahal sa sarili nilang laman. Makabubuting pigilan ninyo ang inyong mga sarili, dahil

kinakailangan na ninyo ngayong magtaglay ng normal na pagkatao, at hindi kayo pinapayagang ipasikat ang inyong pagnanasa—subali't ginagawa ninyo ito sa bawa't oportunidad na kaya ninyo, sapagka't ang inyong laman ay napakasagana, at ang inyong pagnanasa ay napakalaki!

Hinango mula sa "Pagsasagawa (7)" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Masasabi na mga walang-kuwentang walanghiya ang mga tao, sapagkat hindi nila pinahahalagahan ang kanilang sarili. Kung hindi man lamang nila mahal ang kanilang sarili, sa halip ay niyuyurakan nila ang kanilang sarili, hindi ba ito nagpapakita na wala silang kuwenta? Ang sangkatauhan ay parang isang imoral na babae na nakikipaglaro sa kanyang sarili at kusang-loob na ibinibigay ang kanyang sarili sa iba para halayin. Magkagayunman, hindi pa rin alam ng mga tao kung gaano sila kahamak. Nasisiyahan sila sa pagtatrabaho para sa iba o sa pakikipag-usap sa iba, na inilalagay ang kanilang sarili sa ilalim ng kontrol ng iba; hindi ba ito mismo ang karumihan ng sangkatauhan? Bagama't hindi pa Ako nakaranas ng buhay sa piling ng sangkatauhan, at hindi Ko pa talaga naranasan ang buhay ng tao, nagtamo na Ako ng napakalinaw na pagkaunawa tungkol sa bawat galaw, bawat kilos, bawat salita, at bawat gawang ginagawa ng mga tao. Nagagawa Ko pa ngang ilantad ang mga tao sa kanilang pinakamalalim na kahihiyan, hanggang sa puntong hindi na sila nangangahas na ihayag ang sarili nilang pakikipagsabwatan o bigyang-daan ang kanilang pagnanasa. Tulad ng mga susong umaatras papasok sa bahay ng mga ito, hindi na sila nangangahas na ilantad ang sarili nilang pangit na kalagayan. Dahil hindi kilala ng sangkatauhan ang kanilang sarili, ang pinakamalaki nilang kapintasan ay ang kusang-loob nilang iparada ang kanilang mga alindog sa harap ng iba, na ipinapasikat ang pangit nilang mukha; ito ay isang bagay na lubos na kinamumuhian ng Diyos. Ito ay dahil ang mga relasyon sa pagitan ng mga tao ay abnormal, at walang normal na pakikipag-kapwa-tao sa pagitan ng mga tao, lalo nang walang normal na relasyon sa pagitan nila at ng Diyos.

Hinango mula sa "Kabanata 14" ng Mga Pakahulugan sa mga Hiwaga ng mga Salita ng Diyos

Kaya Kong makita nang malinaw ang lahat ng tao, mga pangyayari, at mga bagay. Nauunawaan Ko nang may ganap na kalinawan ang diwa ng bawat tao, na ibig sabihin, lubos Kong naaaninag ang mga bagay na kinikimkim ng tao sa kanilang mga sarili. Makikita Ko nang malinaw kung ang isang tao ay isang jezebel o isang bayarang babae, at alam Ko kung sino ang gumagawa ng ano ng lihim. Huwag ipangalandakan sa harap Ko ang inyong alindog—kayong walang-hiya! Lumayas kayo dito ngayon! Para makaiwas na magdala ng kahihiyan sa Aking pangalan, wala Akong mapapaggamitan sa ganyang uri ng tao! Hindi sila maaaring sumaksi sa Aking pangalan, pero sa halip kumikilos sila nang hindi nakakabuti at nagdadala sila ng kahihiyan sa Aking pamilya! Itataboy sila kaagad mula sa Aking bahay. Hindi Ko sila gusto. Hindi Ko pahihintulutan ang pagkaantala kahit na isang segundo! Para sa mga taong iyon walang saysay paano man sila maghanap, dahil sa Aking kaharian lahat ay banal at walang anumang dungis. Kabilang ang Aking bayan, kung sinasabi Ko na hindi Ko nais ang isang tao kung gayon taos Ako rito; huwag hintaying baguhin Ko ang Aking isip. Wala Akong pakialam kung gaano ka man kabuti sa Akin noon!

Hinango mula sa “Kabanata 90” ng Mga Pagbigkas ni Cristo sa Pasimula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang tao ay may tiwaling disposisyon at, bukod pa rito, siya ay nagtataglay ng damdamin. Dahil dito, talagang ipinagbabawal sa dalawang kasaping magkaiba ang kasarian na magsama sa gawain nang walang kasama habang naglilingkod sa Diyos. Sinumang matuklasan na gumagawa nito ay ititiwalag, nang walang pagtatangi.

May ilang mga kapatid na lalaki na iginigiit ang pakikisalamuha sa mga kapatid na babae lamang, at maging ang gawin pa iyon nang nag-iisa. Talagang nagiging bukas sila sa mga kapatid na babae kapag nakikipagsalamuha sila sa kanila, at tumatangging gawin iyon sa iba. Ang mga taong ito ay walang silbi! May ilang mga kapatid na babae na hindi

nakikipagsalamuha sa ibang mga kapatid na babae, at kailanman ay hindi naging bukas sa kanila, mga kapatid na lalaki lamang ang tanging hinahangad nilang makasalamuha. Anong klaseng tao ang mga ito? Wala ba ni isang kapatid na babaeng makakatulong sa iyo? Wala ba ni isang kapatid na babaeng maaaring makikipagsalamuha sa iyo? Kinamumuhian ka ba nilang lahat—wala bang nababagay para sa iyo? Mga kapatid na lalaki lamang ba ang iyong kasundo? Sa tingin ko ay mayroong ibang nag-uudyok sa iyo! May mga taong tanging sa kasalungat na kasarian lamang dumidikit. Kailangan mo itong mapagtagumpayan gamit ang iyong paninindigan—huwag mong pagbigyan ang hilig ng laman. May mga tiwaling disposisyon ang mga tao. Kung walang mga paghihigpit na ipapataw sa kanila, sila ay nagiging labis na mahalay. Kailangan na laging mayroong mga bagay na pipigil sa tao at laging magpapaalala sa kanila ng mga bagay na ito. Kapag nakahanda ang mga bagay na iyan, ang pag-uugali ng mga tao ay higit na mas mabuti.

Hinango mula sa “Isang Panayam Tungkol sa mga Atas Administratibo ng Diyos sa Kapanahunan ng Kaharian” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang ilang tao ay biniyayaan ng magandang hitsura, at patuloy na nasusumpungan ang sariling hinahabol ng miyembro ng kabilang kasarian; mas maraming taong naghahabol sa kanila, mas nararamdaman nilang kaya nilang magpakitang-gilas. Hindi ba’t mapanganib ito? Ano ang dapat mong gawin kapag nasa ganitong kalagayang? (Kilalanin at iwasan ang patibong na ito.) Isa talaga itong patibong, na dapat mong iwasan—kung hindi, makikita mo na lamang ang iyong sarili na nabitag na ng taong iyon. Kailangan mong iwasan ang patibong na ito bago ka mabitag; ito ang tinatawag na pagpipigil sa sarili. Ang mga taong may pagpipigil sa sarili ay may diwa ng kahihiyan at dignidad. Yaong mga wala nito ay maaakit ng sinumang makahuli sa kanila; tumutugon sila sa sinumang naghahabol sa kanila, na maaaring magdala sa kanila sa isang malaking kaguluhan. Dagdag pa rito, sasadyain din nilang magpakitang-gilas, mag-aayos at magbibihis, at anumang damit na kailangan nilang suotin para lalo silang

magmukhang guwapo, mas kaakit-akit at maganda, ay sadya nilang pipiliing isuot, at isusuot ang mga ito bawat araw; mapanganib ito at ipinapakita nito na sila ay mga taong sadyang nagtatangkang mang-akit ng iba. Kung mukha kang labis na kapansin-pansin, labis na nakakaakit sa mga damit na ito, dapat mong talikdan ang mga ito at pumili ng ibang damit na isusuot. Kung naninindigan ka ukol dito, walang makapipigil sa iyong makamit ito. Gayunpaman, kung wala kang ganitong paninindigan, subalit nais mong maghanap ng kapareha, magpatuloy ka at maghanap nito: Makipag-ugnayan nang normal sa isa't isa, nang hindi inaakit o tinutukso ang kabila. Kung hindi ka naghahanap ng kapareha, ngunit inaakit at tinutukso ang iba, matatawag lamang ito bilang kakulangan ng kahihiyan. Dapat kang maging malinaw sa kung ano ang pinipili mo, kung tama ba ang landas na iyong tinatahak, at kung ito ba ang dapat mong ginagawa. Maaari bang tumalima kayong lahat dito? (Mayroon kami ng ganitong paninindigan.) Kung mayroon ka ng ganitong paninindigang, mayroon kang lakas, motibasyon, at magiging madali lamang tumalima dito. Ang ilang mga tao ay likas na kapita-pitagan, at bukod dito, dahil sa pagkakaroon ng pananampalataya sa Diyos, masigasig silang maghangad ng katotohanan at tumahak sa tamang landas; wala silang ng gayong pagnanasa, at hindi tumutugon sa sinumang nagtatangkang akitin sila. Medyo madaling matukso dito ang ilang tao, samantalang hindi ito pinapansin ng iba; tila nalutas na ito ng ilang tao, ngunit kahit sila mismo ay hindi nila masabi kung nalutas na nga ba nila ito o hindi. Ito ay isang bagay na dapat mong harapin nang tama at muling suriin, at maunawaan kung paanong mahalagang bahagi ito ng dignidad at kahihiyan ng normal na pagkatao.

Hinango mula sa "Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (9)" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang paglutas sa sariling kalikasan nay nagsisimula sa pag-iwan sa laman. Ang pag-iwan sa laman ay nangangailangan din ng mga prinsipyo. Maaari bang iwan ng isang tao ang laman sa isang natatarantang paraan? Kapag dumating ang panahon, ikaw ay bibigay sa laman. Ilang kapatid na

mga lalaki ang maaaring mapahinto sa kanilang kinatatayuan sa pagkakita sa isang magandang babae. Sa gayon dapat kang magtakda ng isang kasabihan para sa iyong sarili. Ano ang maaari mong gawin kapag isang magandang babae ang nagpakita? Dapat ka bang umalis o ano ang dapat mong gawin? Ano ang gagawin mo kung hinawakan niya ang iyong kamay? Kung wala kang mga prinsipyo, ikaw ay matitisod kapag nahaharap sa ganoong sitwasyon. Kung nakakaramdam ka ng pag-iimbot sa pagkakita sa salapi at kayamanan, paano mo haharapin ito? Pag-aralan ang partikular na katanungang ito, maingat na magsanay sa paglutas nito at dahan-dahan makakayanan mong iwanan ang laman. May isang prinsipyo na medyo kritikal, na mag-isip ng dalawang beses bago kumilos; suriin ito sa harap ng Diyos. At gayundin, bawat gabi dapat mong suriin ang iyong sariling mga kalagayan. Ito ay isang prinsipyo. Suriing mabuti ang iyong sariling pag-uugali: aling mga gawa ang ginawa ayon sa katotohanan at aling mga gawa ang paglabag sa mga prinsipyo. Ang dalawang puntong ito ang napakaimportante. Ang una ay ang suriin ang iyong sarili at panahon ng pagkilos at ang isa ay ang suriin ang iyong sarili pagkatapos. Ang ikatlong prinsipyo ay: Maging perpektong malinaw kung ano ang pakahulugan sa pagsasagawa ng katotohanan at ano ang tinutukoy sa paghawak sa mga pangyayari sa isang maprinsipyong paraan. Kapag ikaw ay malinaw na malinaw na dito, hahawakan mo ang mga bagay-bagay nang tama. Sa pagkapit sa tatlong mga prinsipyong ito, sa gayon makakayanan mong pigilan ang iyong sarili. Ang orihinal na kalikasan mo ay di-makakayanan ibunyag ang sarili nito, hindi makakayanang magpaibabaw na muli. Ito rin ay isang pangunahing prinsipyo nang paghawak ng pantaong kalikasan.

Hinango mula sa “Pagsasagawa ng Katotohanan at Paglutas sa Kalikasan” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung maliligtas ka ay hindi depende sa kung gaano ka na katanda o ilang taon ka nang nagtatrabaho, at lalo nang hindi ito depende sa kung gaano karami ang mga kredensyal mo. Bagkus, depende ito sa kung

nagbunga na ang iyong paghahabol. Kailangan mong malaman na yaong mga naliligtas ay ang “mga puno” na nagbubunga, hindi ang mga puno na may malalagong dahon at saganang bulaklak subali’t hindi nagbubunga. Kahit nakagugol ka na ng maraming taon sa paggala-gala sa mga lansangan, ano ang halaga niyon? Nasaan ang iyong patotoo? Ang iyong pagpipitagan sa Diyos ay napakababaw kumpara sa pagmamahal mo sa iyong sarili at sa iyong mga mahahalay na pagnanasa—hindi ba napakasama ng ganitong klaseng tao? Paano sila magiging uliran at huwaran para sa pagliligtas? Ang iyong kalikasan ay hindi na mababago, napakasuwail mo, wala ka nang pag-asang maligtas! Hindi ba ang gayong mga tao ang aalisin? Hindi ba ang oras na matatapos ang Aking gawain ang siyang oras ng pagdating ng huling araw mo? Napakarami Kong nagawang gawain at napakarami Kong nasambit na salita sa gitna ninyo—gaano karami nito ang tunay na nakapasok sa inyong mga tainga? Gaano karami nito ang nasunod ninyo kahit kailan? Kapag natapos ang Aking gawain, iyon ang magiging oras na titigil kang kontrahin Ako, na titigil kang kalabanin Ako. Habang Ako’y gumagawa, patuloy kayong kumikilos laban sa Akin; hindi kayo sumusunod sa Aking mga salita kahit kailan. Ginagawa Ko ang Aking gawain, at ginagawa mo ang iyong sariling “gawain,” gumagawa ng sarili mong munting kaharian. Kayo’y walang iba kundi mga soro at mga aso, ginagawa ang lahat para kontrahin Ako! Palagi ninyong sinusubukang yakapin yaong mga naghahandog sa inyo ng kanilang buong pagmamahal—nasaan ang inyong pagpipitagan? Lahat ng ginagawa ninyo ay mapanlinlang! Wala kayong pagsunod o pagpipitagan, at lahat ng ginagawa ninyo ay mapanlinlang at lapastangan! Maliligtas ba ang ganyang klaseng tao? Ang mga taong sekswal na imoral at mahalay ay palaging gustong akitin ang makikiring haliparot sa kanila para sa sarili nilang kasiyahan. Hindi Ko talaga ililigtas ang gayong sekswal na imoral na mga demonyo. Kinamumuhian Ko kayong maruruming demonyo, at ang inyong kahalayan at pagiging haliparot ay magsasadlak sa inyo sa impiyerno. Ano ang masasabi ninyo para sa inyong mga sarili? Nakakadiri kayong maruruming demonyo at masasamang espiritu! Nakasusuklam

kayo! Paano maliligtas ang gayong klaseng basura? Maliligtas pa rin ba sila na nabibitag sa kasalanan? Ngayon, ang katotohanang ito, ang daang ito, at ang buhay na ito ay hindi umaakit sa inyo; bagkus, naaakit kayo sa pagkakasala; sa pera; sa reputasyon, katanyagan at pakinabang; sa mga kasiyahan ng laman; sa kaguwapuhan ng mga lalaki at kariktan ng mga babae. Ano ang nagbibigay ng karapatan sa inyo na pumasok sa Aking kaharian? Ang inyong larawan ay higit pa kaysa sa Diyos, ang inyong katayuan ay mas mataas pa kaysa sa Diyos, maliban pa sa inyong kabantugan sa mga tao—naging idolo na kayo na sinasamba ng mga tao. Hindi ba kayo naging ang arkanghel? Kapag inihahayag na ang mga kalalabasan ng mga tao, na kung kailan rin malapit nang matapos ang gawain ng pagliligtas, marami sa inyo ang magiging mga bangkay na wala nang pag-asang maligtas at kailangang alisin.

Hinango mula sa “Pagsasagawa (7)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ngayon, lahat ng hindi matanggap ang masusing pagsusuri ng Diyos ay hindi matatanggap ang Kanyang pagsang-ayon, at yaong mga hindi nakakakilala sa Diyos na nagkatawang-tao ay hindi maaaring maperpekto. Tingnan mo ang lahat ng ginagawa mo, at tingnan mo kung maaari ba itong dalhin sa harap ng Diyos. Kung hindi mo madadala ang lahat ng iyong ginagawa sa harap ng Diyos, ipinapakita nito na masamang tao ka. Mapeperpekto ba ang masasamang tao? Lahat ng iyong ginagawa, bawat kilos, bawat layunin, at bawat tugon ay dapat dalhin sa harap ng Diyos. Kahit ang iyong pang-araw-araw na espirituwal na buhay—ang iyong mga dalangin, ang iyong pagiging malapit sa Diyos, kung paano ka kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, ang pakikibahagi mo sa iyong mga kapatid, at ang buhay mo sa loob ng iglesia—at ang iyong paglilingkod na bilang magkatuwang ay maaaring dalhin sa harap ng Diyos para sa Kanyang masusing pagsusuri. Ang gayong pagsasagawa ang tutulong sa iyo na lumago sa buhay. Ang proseso ng pagtanggap sa masusing pagsusuri ng Diyos ang proseso ng pagdadalisay. Kapag mas matatanggap mo ang masusing pagsusuri ng Diyos, mas napapadalisay at

mas umaayon ka sa kalooban ng Diyos, kaya hindi ka maaakit sa kahalayan, at mabubuhay ang puso mo sa Kanyang presensya. Kapag mas tinatanggap mo ang Kanyang masusing pagsusuri, mas napapahiya si Satanas at mas tumataas ang kakayahan mong talikdan ang laman. Kaya, ang pagtanggap sa masusing pagsusuri ng Diyos ay isang landas ng pagsasagawa na dapat sundan ng mga tao. Anuman ang ginagawa mo, kahit kapag nakikipagniig ka sa iyong mga kapatid, maaari mong dalhin ang iyong mga kilos sa harap ng Diyos at hangarin ang Kanyang masusing pagsusuri at hangaring sundin ang Diyos Mismo; gagawin nitong mas tama ang iyong pagsasagawa. Kung dadalhin mo ang lahat ng iyong ginagawa sa harap ng Diyos at tatanggapin ang masusing pagsusuri ng Diyos, saka ka lamang magiging isang tao na nabubuhay sa presensya ng Diyos.

Hinango mula sa “Pineperpekto ng Diyos Yaong mga Kaayon ng Kanyang Puso” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

VII. Ang mga Prinsipyo ng Patas na Pakikitungo sa Iba

131. Ang mga Prinsipyo ng Patas na Pakikitungo sa Iba

(1) Kinakailangang pakitunguhan ang lahat ng mga tao, pangyayari at bagay ayon sa katotohanang salita ng Diyos. Tanging ang pakikitungo sa iba alinsunod sa katotohanang prinsipyo ang naaayon sa kalooban ng Diyos;

(2) Pakitunguhan ng maayos ang mga kalakasan at kahinaan ng iba. Huwag humingi ng labis-labis mula sa mga tao o hilingin na gumawa sila ng higit sa makakaya, at huwag masyadong malaki ang tingin sa kanila o maliitin sila;

(3) Maging mapagmahal sa mga hinirang na tao ng Diyos. Huwag pangunahan ng damdamin o magkaroon ng pagtatangi sa pakikitungo sa iba, at huwag silang basta na lang limitahan. Tingnan sila mula sa pananaw na pangkaunlaran.

(4) Huwag mainggit sa kabutihan at talento, at huwag ibukod o pigilin

ang mga may salungat na mga pananaw. Kapag nakatuklas ng mga taong may mabuting kakayahan na umiibig sa katotohanan, irekomenda at itaas ang kanilang katungkulan;

(5) Kinakailangang pakitunguhan ang mga tao ayon sa kanilang mga diwa. Dapat na tulungan at suportahan sa pamamagitan ng mapagmahal na pagbabahagi ang isang mabuting tao na gumawa ng paglabag, samantalang dapat na kamuhian at tanggihan ang isang masamang tao.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Sa mga salita ng Diyos, anong prinsipyo ang binabanggit tungkol sa kung paano dapat pakitunguhan ng mga tao ang isa't isa? Mahalin ang minamahal ng Diyos, at kamuhian ang kinamumuhian ng Diyos. Iyon ay, ang mga taong minamahal ng Diyos, na tunay na naghahabol ng katotohanan at gumagawa ng kalooban ng Diyos, ang mismong mga taong dapat mong mahalin. Ang mga hindi gumagawa ng kalooban ng Diyos, yaong mga namumuhi sa Diyos, yaong mga sumusuway sa Kanya, at yaong mga kinasusuklaman Niya ay mga taong dapat din nating kasuklaman at tanggihan. Ito ang hinihingi ng salita ng Diyos.

Hinango mula sa "Makikilala Mo ang Iyong Sarili sa Pamamagitan Lamang ng Pagkilala sa Iyong mga Maling Pananaw" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ano ang tiyak na kabilang sa pagkilos ayon sa prinsipyo? Halimbawa sa usapin ng pakikitungo sa iba, ano ang mga prinsipyo sa kung paano makitungo sa mga may katayuan at mga wala, gayundin sa mga karaniwang kapatid at mga pinuno at manggagawang nasa iba't ibang antas? Hindi mo maaaring pakitunguhan ang iyong mga kapatid na katulad ng pakikitungo ng mga hindi naniniwala sa mga tao; dapat kang maging patas at makatuwiran. Hindi ka maaaring maging malapit sa isang ito, ngunit hindi sa isang iyon; ni hindi ka dapat bumuo ng mga grupo o barkada. hindi mo maaaring apihin ang mga tao dahil hindi mo sila gusto, o purihin ang mga kinatatakutan. Ito ang ibig sabihin ng mga prinsipyo. Dapat kang magkaroon ng prinsipyo sa pakikitungo sa ibang mga tao; dapat mo silang pakitunguhan lahat nang patas. Kung hinihikayat mo ang mga sa

tingin mong mabuting nasa iyong tabi habang ibinubukod ang mga mahirap lapitan, hindi ka ba nagkukulang sa mga prinsipyo? Ito ang pilosopiya ng mga hindi naniniwala sa pamumuhay sa mundo, at ito ang prinsipyo sa likod ng paraan kung paano nila pakitunguhan ang ibang tao. Ito ay kapwa ugali at lohikang sataniko. Ayon sa anong prinsipyo mo dapat tratuhin ang mga miyembro ng pamilya ng Diyos? (Tratuhin ang bawat isang kapatid nang patas.) Paano mo sila tinatrato nang patas? Lahat ay may maliliit na pagkakamali at pagkukulang, maging ng ilang kakatwang gawi; lahat ng tao ay may taglay na pagmamagaling, kahinaan, at mga aspeto kung saan sila nagkukulang. Dapat kang tumulong sa kanila nang may pusong mapagmahal, maging mapagparaya at matiisin, at huwag maging masyadong malupit o huwag mong palakihin ang bawat maliit na detalye. Sa mga taong bata pa o bago pa lang na nananalig sa Diyos, o kailan lang nagsimulang gumanap sa kanilang mga tungkulin at may ilang espesyal na kahilingan, kung basta mo na lang sasamantalahin ang mga bagay na ito at gagamitin ang mga ito laban sa kanila, ito ang tinatawag na pagmamalupit. Hindi mo pinapansin ang kasamaang ginawa ng mga bulaang lider at anti-cristong iyon, subali't kapag namataan mo ang maliliit na pagkukulang at pagkakamali ng iyong mga kapatid, ayaw mo silang tulungan, sa halip ay pinipili mong palakihin ang mga bagay-bagay at hinuhusgahan sila nang talikuran, sa gayo'y dumarami pa ang mga taong kumokontra, hindi nagsasali, at nagbubukod sa kanila. Anong klaseng pag-uugali iyan? Paggawa lamang iyan ng mga bagay-bagay ayon sa sarili mong kagustuhan, at hindi pagtrato nang patas sa mga tao; nagpapakita iyan ng isang tiwali at napakasamang disposisyon! Paglabag iyan! Kapag gumagawa ang mga tao ng mga bagay-bagay, nakamasid ang Diyos; anuman ang ginagawa mo at paano ka man nag-iisip, nakikita Niya iyon! Kung nais mong maunawaan ang mga prinsipyo, kailangan mo munang maunawaan ang katotohanan. Kapag nauunawaan mo na ang katotohanan, mauunawaan mo ang kalooban ng Diyos; kung hindi mo nauunawaan ang katotohanan, tiyak na hindi mo mauunawaan ang kalooban ng Diyos. Sinasabi sa iyo ng katotohanan kung paano tratuhin

ang mga tao, at kapag naunawaan mo na ito, malalaman mo kung paano tratuhin ang mga tao ayon sa kalooban ng Diyos. Malinaw na ipinapakita at ipinahihiwatig sa mga salita ng Diyos kung paano mo dapat tratuhin ang iba; ang saloobin ng Diyos sa pagtrato sa sangkatauhan ang saloobing dapat taglayin ng mga tao sa pagtrato nila sa isa't isa. Paano tinatrato ng Diyos ang bawat isang tao? Ang ilang tao ay isip-bata, o bata pa, o nanalig na sa Diyos sa loob ng maikling panahon. Maaring nakikita ng Diyos ang mga taong ito bilang hindi masama ni malisyoso ang kalikasan at esensya; medyo mangmang lang sila o kulang sa kakayahan, o narumihan na sila nang husto ng lipunan. Hindi pa sila nakapasok sa realidad ng katotohanan, kaya hindi nila maiwasang gumawa ng ilang kalokohan o kamangmangan. Gayunman, sa pananaw ng Diyos, hindi mahalaga ang gayong mga bagay; tumitingin lamang Siya sa puso ng mga tao. Kung desidido silang pumasok sa realidad ng katotohanan, patungo sila sa tamang direksyon, at ito ang kanilang layon, sa gayo'y nakamasid sa kanila ang Diyos, naghihintay, at nagbibigay ng panahon at mga pagkakataon para makapasok sila. Hindi naman sa pinababagsak sila ng Diyos sa isang suntok, ni sinasamantala ang isang pagkakamaling minsan nilang nagawa at hindi na sila binibitawan; hindi Niya natrato nang ganito ang mga tao kahit kailan. Ngayong nabanggit iyan, kung ganyan ang pagtrato ng mga tao sa isa't isa, hindi ba nagpapakita iyan ng kanilang tiwaling disposisyon? Iyan mismo ang kanilang tiwaling disposisyon. Kailangan mong tingnan kung paano tinatrato ng Diyos ang mga taong mangmang at loko-loko, kung paano Niya tinatrato ang mga isip-bata, kung paano Niya tinatrato ang normal na mga pagpapakita ng tiwaling disposisyon ng sangkatauhan, at kung paano Niya tinatrato yaong mga may masamang hangarin. Iba-iba ang mga paraan ng Diyos sa pagtrato sa iba't ibang tao, at iba-iba rin ang mga paraan ng Kanyang pamamahala sa napakaraming kundisyon ng iba't ibang mga tao. Kailangan mong maunawaan ang katotohanan ng mga bagay na ito. Kapag naunawaan mo na ang mga katotohanang ito, malalaman mo na kung paano danasin ang mga ito.

Hinango mula sa "Para Tamuhin ang Katotohanan, Dapat Matuto Ka Mula sa Mga Tao, Mga

Sa inyong pang-araw-araw na pamumuhay, sa anong mga sitwasyon, at sa ilang mga sitwasyon, kayo may-takot sa Diyos, at sa anong mga bagay kayo hindi? May kakayahan ba kayong mapoot sa mga tao? Kapag napopoot sa isang tao, kaya ba ninyong paghigpitan ang taong iyon o maghiganti laban sa kanya? (Oo.) Kung gayon, talagang nakatatakot kayo! Wala kayong takot sa Diyos. Yamang kaya mong gumawa ng gayong mga bagay ay nangangahulugan na ang iyong disposisyion ay masama, sa isang talagang malubhang antas! Ang pagmamahal at pagkamuhi ay mga bagay na dapat taglayin ng normal na pagkatao, ngunit kailangan mong makita nang malinaw ang pagkakaiba sa pagitan ng iyong minamahal at ng iyong kinamumuhian. Sa puso mo, dapat mong mahalin ang Diyos, mahalin ang katotohanan, mahalin ang mga positibong bagay, at mahalin ang iyong mga kapatid, samantalang dapat mong kamuhian ang diyablong si Satanas, kamuhian ang mga negatibong bagay, kamuhian ang mga anticristo, at kamuhian ang masasamang tao. Kung nagtatanim ka ng pagkamuhi sa iyong mga kapatid, malamang na supilin mo sila at paghigantihan sila; lubhang nakakatakot iyan. Ang nasa isip lamang ng ilang tao ay pagkamuhi at masasamang ideya. Pagkaraan ng ilang panahon, kung hindi makasundo ng gayong mga tao ang taong kinamumuhian nila, sisimulan nilang layuan ito; gayunman, hindi nila ito tinutulutang makaapekto sa kanilang mga tungkulin o maimpluwensyahan ang kanilang normal na pakikisama sa iba, dahil nasa puso nila ang Diyos at nagpipitagan sila sa Kanya. Ayaw nilang magkasala sa Diyos, at natatakot silang gawin iyon. Bagama’t maaaring magkimkim ng ilang pananaw ang mga taong ito tungkol sa isang tao, hindi nila ginagawa ang mga iniisip nila o nagsasalita man lang ng isang salita na lihis, dahil ayaw nilang magkasala sa Diyos. Anong klaseng ugali ito? Isang halimbawa ito ng pagkilos at pamamahala sa mga bagay-bagay nang may prinsipyo at walang pinapanigan. Maaaring hindi ka kaayon sa personalidad ng isang tao, at maaaring ayaw mo sa kanya, ngunit kapag nakikipagtulungan ka sa

kanya, nananatili kang walang pinapanigan at hindi mo ibubunton ang mga pagkadismaya mo sa paggawa ng iyong tungkulin, isasakripisyo ang iyong tungkulin, o ilalabas ang mga pagkadismaya mo sa mga interes ng pamilya ng Diyos. Magagawa mo ang mga bagay-bagay ayon sa prinsipyo; sa gayon, mayroon kang pangunahing pagpipitagan sa Diyos. Kung mayroon kang medyo higit pa riyan, kapag nakita mo na may ilang kamalian o kahinaan ang isang tao—kahit nagkasala siya sa iyo o napinsala niya ang iyong sariling mga interes—kaya mo pa rin siyang tulungan. Mas makabubuti pang gawin iyon; mangangahulugan iyon na ikaw ay isang taong may taglay na pagkatao, katotohanang realidad, at pagpipitagan sa Diyos. Kung hindi mo ito makakamit sa kasalukuyan mong tayog, nguni't nakagagawa ng mga bagay-bagay, napangangasiwaan ang sarili, at napakikitunguhan ang mga tao alinsunod sa prinsipyo, binibilang rin ito na pagiging may takot sa Diyos; pinakapangunahin ito. Kung hindi mo man lang magawang makamit ito, at hindi magawang mapigilan ang sarili, nasa malaking panganib ka at talagang nakatatakot. Kung ikaw ay mabigyan ng posisyon, maparurusahan mo ang mga tao at mapahihirapan sila; malamang na magiging anticristo ka sa anumang sandali. Anong uri ng tao ang isang nagiging anticristo? Hindi ba siya isang taong maaalis? Tungkol naman sa kung mabuti o masama ang isang tao, at kung paano siya dapat tratuhin, dapat magkaroon ang mga tao ng sarili nilang mga prinsipyo ng pag-uugali; gayunman, tungkol sa kahihinatnan ng taong iyon—kung siya ba ay mauuwing parurusahan ng Diyos, o kung siya ba ay mauuwing hahatulan at kakastiguhin—Diyos na ang bahala roon. Hindi dapat makialam ang mga tao; hindi ka tutulutan ng Diyos na manguna para sa Kanya. Diyos na ang bahala kung paano tatratuhin ang taong iyon. Hangga't hindi pa nagpapasiya ang Diyos kung ano ang kahihinatnan ng gayong mga tao, hindi pa sila pinapaalis, at hindi pa sila pinarurusahan, at inililigtas sila, dapat mo silang tulungan nang buong tiyaga, dahil sa pagmamahal; hindi mo dapat asamin na malaman ang kahihinatnan ng gayong mga tao, ni hindi mo dapat gamitin ang paraan ng tao upang sugpuin o parusahan sila. Maaaring pinakikitunguhan o pinupungusan mo

ang gayong mga tao, o maaaring binubuksan mo ang puso mo at nakikisali ka sa taos-pusong pakikibahagi upang tulungan sila. Gayunman, kung binabalak mong parusahan, layuan, at mapagbintangan ang mga taong ito, magkakaproblema ka. Magiging kaayon ba ng katotohanan ang paggawa niyon? Ang pagkakaroon ng gayong mga ideya ay manggagaling sa pagiging mainit ang dugo; ang mga ideyang iyon ay nagmumula kay Satanas at nanggagaling sa hinanakit ng tao, pati na rin sa inggit at pagkamuhi ng tao. Ang gayong pag-uugali ay hindi umaayon sa katotohanan. Ito ay isang bagay na magbababa ng paghihiganti sa iyo, at hindi ito naaayon sa kalooban ng Diyos. Kaya ba ninyong mag-isip ng iba-ibang paraan para parusahan ang mga tao dahil ayaw ninyo sa kanila o dahil hindi mo sila makasundo? Nagawa na ba ninyo ang gayong uri ng bagay dati? Gaano karami nito ang nagawa ninyo? Hindi ba ninyo hinahamak palagi ang mga tao nang di-tuwiran, nagbibitaw ng masasakit na salita, at nagiging mapanuya sa kanila? (Oo.) Ano ang mga kalagayan ninyo habang ginagawa ninyo ang gayong mga bagay? Noon, bumubulalas kayo, at masaya kayo; nakaisa kayo. Gayunman, pagkatapos, naisip ninyo sa inyong sarili, “Kasuklam-suklam ang ginawa ko. Wala akong takot sa Diyos, at hindi naging patas ang pagtrato ko sa taong iyon.” Sa kaibuturan mo, nakonsiyensya ka ba? (Oo.) Bagama’t wala kayong takot sa Diyos, kahit paano’y may konsiyensya kayo. Sa gayon, kaya mo pa rin bang gawing muli ang ganitong klaseng bagay sa hinaharap? Maiisip mo bang atakihin at paghigantihan ang mga taong ito, pinahihirapan sila at ipinapakita sa kanila kung sino ang amo tuwing inaalipusta mo sila at hindi mo sila makasundo, o tuwing hindi sila sumusunod o nakikinig sa iyo? Sasabihin mo bang, “Kung hindi mo gagawin ang gusto ko, maghahanap ako ng pagkakataong parusahan ka nang hindi iyon nalalaman ninuman. Walang sinumang makakaalam, ngunit pipilitin kitang magpailalim sa akin; ipapakita ko sa iyo ang aking kapangyarihan. Pagkatapos niyon, walang sinumang mangangahas na kalabanin ako!” Sabihin mo sa Akin: Anong klaseng pagkatao ang taglay ng isang taong gumagawa ng gayong bagay? Pagdating sa kanilang pagkatao, siya ay malisyoso. Kung ikukumpara sa

katotohanan, hindi siya nagpipitagan sa Diyos. Sa kanyang pananalita at mga kilos, wala siyang mga prinsipyo; walang habas siyang kumikilos at ginagawa ang anumang naisin niya. Pagdating sa pagiging may-takot sa Diyos, nakamit na ba ng gayong mga tao ang pagpasok sa buhay? Siyempre hindi; ang sagot ay "hindi," isang daang porsyento. Kung hindi pa nakamit ng isang tao ang anumang pagpasok pagdating sa paggalang sa Diyos, masasabi ba na walang ni isang onsa ng puso ng taong ito ang gumagalang sa Diyos?

Hinango mula sa “Ang Limang Kinakailangang Kalagayan Upang Mapunta sa Tamang Landas ng Pananampalataya ng Isang Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung batid mo na ang paraan ng iyong pagtrato sa iba ay hindi patas, bakit mo ipagpapatuloy na gawin ito? Ano ang nagpapakilos sa iyo sa ganitong paraan? Ano ang iyong iniisip? Bakit ka hindi patas sa kanila? Mayroon bang ibang dahilan? Maaari mong sabihin, “Mababa ang tingin ko sa kanila. Mas magaling ako kaysa kanila. Ayoko silang tratuhin nang patas. Gusto ko silang tapakan.” Ano ang nangyayari dito? Ito ay isang hambog na disposisyon. Ang hambog na disposisyon ang nagsasanhi ng ganitong mga kalagayan sa loob mo—ayaw mong tratuhin nang patas ang taong iyon, ni suriin siya nang walang pagkiling, lalo na ang pag-usapan ang kanilang magagandang katangian. Kapag may trabahong dapat gawin, ayaw mo silang piliin upang gawin iyon dahil sa iyong puso, minamaliit mo sila. Kapag napagtanto mo ang mga kalagayang ito, mas magiging madali na ba para sa iyo na ituwid ang iyong opinyon sa taong iyon? Hindi ito madali. Samakatuwid, ang isang disposisyon ang sanhi ng maraming kalagayan, at ang mga kalagayang ito na nasa loob mo ang kumukontrol sa iyo, sa iyong mga pagkilos, sa iyong pananalita, sa iyong mga pananaw at sa paraan ng pagtrato mo sa mga tao—ang mga ito ang kumukontrol sa iyong buong pagkatao. Paano umuusbong ang ganitong mga kalagayan? Ang mga ito ay umuusbong mula sa iyong disposisyon—sa katunayan, ang iyong disposisyon ang kumukontrol sa iyo at hindi ang iyong kalagayan. Ang ganitong disposisyon ang nagpapatalikod sa iyo sa katotohanan.

Samakatuwid, kung hindi mo gagamitin ang katotohanan upang lutasin ang ganitong disposisyon at baligtarin ang direksiyon ng iyong kalagayan, hindi ka kailanman makakalaya sa mala-Satanas mong disposisyon. Kung gayon, paano mo mababaliktad ang direksyon ng ganitong kalagayan? Kinakailangan mong maging bukas sa Diyos, lumapit sa Kaniya upang manalangin, lubusang unawain ang diwa ng suliranin, at hilingin sa Diyos na disiplinahin ka at iwasto ka, bigyan ka ng kumpirmasyon at tulungan kang makaunawa. Pagkatapos ay kinakailangan mong magkaroon ng pagnanasang makipagtulungan at talikdan ang iyong sarili. Sabihin ito: “Hindi na ako kikilos nang ganoon. Ang kakayahan ng taong ito ay medyo mababa subalit tatratuhin ko siya kung paano siya dapat tratuhin. Kung nababagay siya sa isang trabaho, ipagagawa ko ito sa kanya. Kung mayroon akong magandang relasyon sa isa pang tao na hindi nababagay sa tungkuling iyon, hindi ko ito ipagagawa sa kanya at sa halip ay ibibigay ito sa nauna.” Ang direksyon ba ng iyong kalagayan ay hindi nabaligtad? Iyon ay, matapos mong tumalikod sa iyong dating pamamaraan ng pagkilos ay nabago mo ang posibleng mga kahihinatnan ng iyong kalagayan. Hindi ba ito isang aspeto ng pagsasanay? Kung gayon, paano mo magagawa ang ganitong uri ng pagsasanay? Makakamit mo ba ang ganitong resulta kung hindi ka makikipagtulungan, at kung hindi mo tatalikuran ang iyong pansariling kalooban? Walang pasubaling hindi. Samakatuwid, kooperasyon ang susi. Kinakailangan mong lubos na makipagtulungan at sumunod sa katotohanan nang walang pasubali, at magkaroon ng saloobing sumunod sa katotohanan at maging determinado na sundin ito—sa ganito mo lamang magagawang talikdan ang iyong indibiduwal at pansariling kalooban at personal na mga kalagayan, kung magkagayon ang iyong direksyon ay unti-unting pipihit. Maaari mong maliitin ang isang tao, at iyan ang iyong kalagayan—subalit kung hindi ka namumuhay nang ayon sa naturang kalagayan at sa halip ay inaayos para sa taong iyon ang mga bagay na maaari niyang gawin, at tatratuhin siya nang patas, pagkatapos, sa tuwing mababangit ang taong iyon, magiging payapa ang iyong konsiyensya at mararamdaman mo na ikaw ay hindi

nagkasala sa Diyos. Ipinamumuhay mo ang katotohanan at makalipas ang ilang panahon, ang iyong opinyon sa taong iyon ay mababago. Paano ito nangyayari? Ito ay gawain ng Diyos. Unti-unti, ang katotohanan ay nagsisimulang magkabisa sa kalooban mo, binabago ang iyong kalagayan at ipinipihit ang direksyon nito. Sa una, mahirap ito para sa iyo; matapos mong gamitin ang taong iyon, ang puso mo ay nababalisa sa tuwing nakikita mo siya, at pakiramdam mo ay nawala ang ang iyong integridad. Sa kabila ng paggamit mo sa kanya, hindi mo gustong makipag-usap masyado sa kanya, at sa iyong puso, minamaliit mo pa rin siya. Ang iyong kalagayan ay hindi pa lubusang nababaligtad na nangangahulugang ang ugat ng iyong tiwaling disposisyon ay nariyan pa. Na ang maliit na kalagayang tulad nito ay may kakayanang maging sanhi ng malaking pasakit para sa iyo—hindi ba't ito ay suluranin sa disposisyon? Ito ay problema sa diwa ng kalikasan ng tao. Habang unti-unti mong ipinipihit ang iyong direksyon, mas nakikipag-usap ka sa taong iyon, mas nakikisama sa kanya, at mas inuunawa siya; nakikita mo ang kanyang mga lakas at natutuklasan na siya ay tunay nga na nababagay sa ilang tungkulin. Unti-unti mong makikilala ang iyong kasamaan at pagiging kahiya-hiya, at na ang iyong kasalukuyang mga ikinikilos at paraan ng pagtrato sa kanya ay walang pagkiling at naaayon na sa katotohanan, ang iyong puso ay mapapayapa. Subalit ito ay simula pa lamang. Kapag muli kang naharap sa kahalintulad na isyu, walang katiyakan na magagamit mo rin ang kahalintulad na pamamaraan na ginamit mo sa naunang tao upang lutasin ito. Maaaring may ibang mga kalagayan ang umiiral o may pagkakaiba sa kapaligiran, gaya ng mga tao, sitwasyon o bagay na susubok sa laki ng iyong pagmamahal sa katotohanan at ng iyong determinasyon na talikuran ang iyong sariling tiwaling disposisyon at ang iyong kalooban. Ito ay mga pagsubok ng Diyos. Sa lahat ng iyong pakikitungo sa iba, sa anumang oras at maging sino man sila, at mabuti man o masama ang inyong relasyon, malapit man sila sa iyo o hindi, sumusipsip man sila sa iyo o hindi, at anuman ang kanilang kakayahan—kapag nagawa mong tratuhin sila nang patas at tumpak, ang iyong kalagayan ay lubos na magbabago. Kapag ang

paraan ng iyong pagtrato sa iba ay hindi nakasalalay sa iyong mga guni-guni, sa iyong mga damdamin, o sa pagiging mainitin ng iyong dugo, nakamit mo na nga ang aspetong ito ng katotohanan.

Hinango mula sa “Ang Landas sa Pagtutuwid ng Tiwaling Disposisyon” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Bilang mga pinuno ng iglesia, dapat ninyong matutuhan kung paano tumuklas at luminang ng talento, at hindi mainggit sa mga taong may talento. Sa ganitong paraan, kasiya-siyang magagampanan ang inyong tungkulin, at matutupad ninyo ang inyong pananagutan; magagawa rin ninyo ang inyong buong makakaya upang maging matapat. Takot palagi ang ilang tao na maging mas sikat sa kanila ang iba at mahigitan sila, na nagtatamo ng pagkilala habang sila naman ay kinaliligtaan. Dahil dito, inaatake at ibinubukod nila ang iba. Hindi ba ito isang kaso ng pagkainggit sa mga taong mas may kakayahan kaysa sa kanila? Hindi ba makasarili at nakasusuklam ang ganitong pag-uugali? Anong klaseng disposisyon ito? Masama ito! Sarili lang ang iniisip, sariling mga hangarin lamang ang binibigyang-kasiyahan, walang konsiderasyon sa mga tungkulin ng iba, at iniisip lamang ang sariling mga interes at hindi ang mga interes ng bahay ng Diyos—ang ganitong klaseng mga tao ay may masamang disposisyon, at hindi sila mahal ng Diyos. Kung talagang kaya mong bigyan ng konsiderasyon ang kalooban ng Diyos, magagawa mong tratuhin nang patas ang ibang mga tao. Kung binibigyan mo ng rekomendasyon ang isang tao, at nagkaroon ng talento ang taong iyon, at sa gayo’y nagdadala ka ng isa pang taong may talento sa bahay ng Diyos, hindi ba nagawa mo nang maayos ang iyong gawain? Hindi ba naging tapat ka sa pagganap sa iyong tungkulin? Magandang gawa ito sa harap ng Diyos, at ganitong klaseng konsiyensya at katwiran ang dapat taglayin ng mga tao.

Hinango mula sa “Ipagkaloob ang Iyong Tunay na Puso sa Diyos, at Makakamit Mo ang Katotohanan” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Umiiral ba sa puso ninyo ang ganitong uri ng pag-iisip? Kapag iniisip

mo ang isang tao, iniisip mo muna ang kanilang mga kahinaan, at ang mga paraan kung saan sila ay tiwali. Kung patuloy kayong mag-iisip sa ganitong paraan, kailanma'y hindi mo makakasundo ang iba nang normal. Kapag iniisip mo ang isang tao, dapat mo munang isaalang-alang kung tunay ba silang nananampalataya sa Diyos o hindi at kung anong mga kalakasan ang mayroon sila. Ang isang tao ay naghahangad sa katotohanan kung natatanggap ng taong ito ang katotohanan, may magandang kalooban at mapagpaubaya, at kapag ang sinasabi mo sa kanila ay tama, kaya nila itong tanggapin at harapin sa tamang paraan. Kung natukoy mo na ang taong ito ay may pagkukulang, at kung hindi mo ito ipinaalam at sila mismo ay walang alam ukol dito, sisisihin ka nila para rito kalaunan; kung, sa kabilang banda, kapag ipinaalam mo ito sa kanila, hindi lang basta sila hindi namuhi sa iyo, ngunit pinasalamatan ka pa, ito ay isang taong tunay na naghahanap sa katotohanan, na tiyak at tunay na naghahanap sa kaligtasan, at handang maging mabuting tao at tumahak sa tamang landas sa buhay. Kung ang ganoong tao ay may maling palagay sa isang tao, o kung may taong nanakit sa kanila, maaari magkaroon sila ng pagkainis sa taong iyon, ngunit ito ay magiging pansamantala lamang. Pagkatapos, kapag nakapagnilay-nilay sila at nakilala ang kanilang mga sarili, kamumuhian at susumpain nila ang kanilang mga sarili. Darating pa nga sila sa puntong makakahingi sila ng paumanhin sa taong iyon. Ganito ang mga tunay na mananampalataya ng Diyos. Kaya nila tayong patawarin, kaya dapat din natin silang mapatawad. Kahit hindi man nila tayo mapatawad dahil sa ilang panandaliang kahinaan, dapat pa rin natin silang patawarin sa ating kaibuturan. Kung hindi natin mapapatawad ang mga tao, hindi natin sila makakasundo. Gayundin, kung may ginagawang masasamang bagay sa iyo ang isang tao, o mapanghusgang nagsasalita tungkol sa iyo, dapat mong bigyan ng pagkakataon ang taong iyon upang magsisi at magbago. Mangangahas ka bang sabihin na ang taong nabanggit ay patuloy na kikilos sa ganitong paraan? Patuloy ba silang kikilos nang may ganoong katiwalian magpakailanman? Kung pinaninindigan mo ang ganoong bagay nang may tiyak na kasiguraduhan,

hinahatulan mo ang isang tao at gumagawa ng mga palagay tungkol sa kanila. Kahit na maaring sa ngayon ay hinahatulan ka nila, kinamumuhian ka, at may mga ilang maling palagay tungkol sa iyo, ngunit dahil tunay silang naniniwala sa Diyos at hangad nilang pagsikapang matamo ang katotohanan, hindi magtatagal magsisimulang magbago ang kanilang mga katiwalian. Kaya nga, dapat nating tingnan ang mga isyung ito mula sa pananaw na pangkaunlaran. Hindi dapat tayo tumutok sa mga kahinaan ng isang tao, at gumawa ng mga paglalahat tungkol sa kanila sa pagsasabing katapusan na nila sa buhay na ito, o sila ay mga ganito at ganyang klase ng tao. Ang paggawa nito ay paghusga at pagbuo ng mga palagay sa mga tao! Sa pagliligtas sa tao, hindi sinabi ng Diyos na, “ganito na katiwali ang sangkatauhan, kaya wala nang saysay na iligtas pa sila, at ito na ang kanilang katapusan.” Maging ang Diyos ay hindi ganyan ang tingin dito. Kaya, sinisikap pa rin nating lahat na matamo ang katotohanan ngayon. Hangad nating lahat na pagsikapang matamo ang katotohanan, at naniniwala tayo, kahit paano, na kung patuloy tayong magsisikap, sa loob ng ilang taon ay tiyak na magbabago tayo nang kaunti, at sa huli ay lubos nating mababago ang ating disposisyon at mapeperpekto tayo ng Diyos. Ganito ang pananampalataya ninyong lahat, hindi ba? Dahil ganito ang pananampalataya ninyo, kailangan ninyong maniwala na ganito rin ang pananampalataya ng ibang mga tao.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

132. Ang mga Prinsipyo ng Pakikitungo sa Iba Ayon sa Kanilang mga Diwa

(1) Huwag tingnan ang iba batay sa mga haka-haka ng tao, mga kaisipan, o tradisyunal na kultura. Dapat silang tingnan batay lamang sa katotohanang salita ng Diyos, tanging iyon lamang ang paraan upang maliwanag na makita ang diwa ng bawat uri ng tao;

(2) Huwag husgahan ang mga tao batay sa kung paano sila gumaganap sa isang pagkakataon. Dapat na hatulan ang kanilang mga diwa sa kung paano sila gumaganap sa paglipas ng panahon, ito ang

tanging paraan upang patas na pakitunguhan ang iba;

(3) Hindi dapat pakitunguhan bilang masama ang mga taong may mapagmataas at mapagmagaling na disposisyon, o ang mga taong gumawa ng paglabag ngunit kayang tanggapin ang katotohanan. Dapat silang tulungan ng may pag-ibig;

(4) Kung ang isang tao ay nakumpirma na isang masamang tao, masamang espiritu, anticristo, o di-mananampalataya, dapat na patalsikin o itiwalag ang taong iyon ayon sa kapasyahan ng iglesia;

(5) Ibinibilang sa mga di-mananampalataya ang mga mapanlinlang na tao na madalas na naghahayag ng mga maling pananaw, na madalas nagkikimkim ng mga haka-haka tungkol sa Diyos at nagsasanggalang laban sa Kanya. Dapat silang patalsikin o itiwalag.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Sa mga salita ng Diyos, anong prinsipyo ang binabanggit tungkol sa kung paano dapat pakitunguhan ng mga tao ang isa't isa? Mahalin ang minamahal ng Diyos, at kamuhian ang kinamumuhian ng Diyos. Iyon ay, ang mga taong minamahal ng Diyos, na tunay na naghahabol ng katotohanan at gumagawa ng kalooban ng Diyos, ang mismong mga taong dapat mong mahalin. Ang mga hindi gumagawa ng kalooban ng Diyos, yaong mga namumuhi sa Diyos, yaong mga sumusuway sa Kanya, at yaong mga kinasusuklaman Niya ay mga taong dapat din nating kasuklaman at tanggihan. Ito ang hinihingi ng salita ng Diyos. Kung hindi naniniwala ang iyong mga magulang sa Diyos, kinamumuhian nila Siya kung gayon; at kung kinamumuhian nila Siya, tiyak na kinamumuhian sila ng Diyos. Kaya, kung sinabi sa iyong kamuhian mo ang iyong mga magulang, magagawa mo ba ito? Kung nilalabanan nila ang Diyos at nilalapastangan Siya, tiyak na sila ang mga taong kinamumuhian at isinusumpa Niya. Sa ilalim ng gayong mga pangyayari, paano mo dapat tratuhin ang iyong mga magulang kung hinadlangan nila ang paniniwala mo sa Diyos, o kung hindi sila naniniwala? Noong Kapanahunan ng Biyaya, sinabi ng Panginoong Jesus, "Sino ang aking ina? at sino-sino ang aking mga kapatid? … Sapagka't sinomang gumaganap ng kalooban ng

aking Ama na nasa langit, ay siyang aking kapatid na lalake at aking kapatid na babae, at ina." Umiiral na ang kasabihang ito noon pang Kapanahunan ng Biyaya, at lalo pang mas angkop ang mga salita ng Diyos ngayon: "Mahalin kung ano ang minamahal ng Diyos, at kamuhian kung ano ang kinamumuhian ng Diyos." Diretsahan ang mga salitang ito, ngunit madalas na hindi napapahalagahan ng mga tao ang tunay na kahulugan ng mga ito.

Hinango mula sa "Makikilala Mo ang Iyong Sarili sa Pamamagitan Lamang ng Pagkilala sa Iyong mga Maling Pananaw" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Nakasalalay sa iyong diwa, hindi sa iyong kaanyuan o kung paano ka magsalita o umasal paminsan-minsan, kung taglay mo ang katotohanan o kung lumalaban ka sa Diyos. Natutukoy sa diwa ng tao kung siya ba ay wawasakin o hindi; pinagpapasyahan ito ayon sa diwang inihahayag ng asal ng isang tao at ang pagtataguyod ng isang tao sa katotohanan. Sa mga taong magkakatulad sa isa't isa sa kanilang gawain, at gumagawa ng magkakasingdaming gawain, yaong mga mabubuti ang pantaong diwa at nagtataglay ng katotohanan ay ang mga taong tutulutang manatili, habang yaong masasama ang pantaong diwa at sumusuway sa nakikitang Diyos ay yaong mga magiging pakay ng pagkawasak. Ang lahat ng gawain o mga salita ng Diyos na kaugnay sa hantungan ng sangkatauhan ay angkop na iwawasto sa mga tao ayon sa diwa ng bawat isa; walang magaganap na bahagya mang kamalian, at walang magagawang isa mang pagkakamali. Tuwing gumagawa lamang ng gawain ang mga tao na nahahaluan ito ng damdamin at kahulugan. Pinakaangkop ang gawaing ginagawa ng Diyos; lubusan Siyang hindi naglalabas ng mga maling paratang laban sa sinumang nilalang. Maraming tao sa kasalukuyan ang hindi nagagawang mahiwatigan ang hantungan ng sangkatauhan sa hinaharap at hindi naniniwala sa mga salitang binibigkas Ko. Lahat ng yaong hindi naniniwala, gayundin ang mga hindi nagsasagawa ng katotohanan, ay mga demonyo!

Sa panahong ito, yaong mga naghahangad at yaong mga hindi naghahangad ay dalawang ganap na magkaibang uri ng mga tao, na may

labis na magkaiba ring mga hantungan. Yaong mga nagtataguyod sa kaalaman ng katotohanan at nagsasagawa ng katotohanan ang mga siyang pagdadalhan ng Diyos ng kaligtasan. Yaong mga hindi nababatid ang tunay na daan ay mga demonyo at kaaway; mga inapo sila ng arkanghel at magiging mga pakay ng pagwasak. Kahit yaong mga maka-Diyos na tagapaniwala ng isang malabong Diyos—hindi ba't mga demonyo rin sila? Ang mga taong nagtataglay ng mabubuting budhi ngunit hindi tinatanggap ang tunay na daan ay mga demonyo; paglaban sa Diyos ang kanilang diwa. Yaong mga hindi tinatanggap ang tunay na daan ay yaong mga lumalaban sa Diyos, at kahit nagtitiis ng maraming hirap ang gayong mga tao, wawasakin pa rin sila. Yaong mga mabigat sa kalooban na talikdan ang mundo, na hindi matiis na mawalay sa kanilang mga magulang, at hindi makatiis na alisin sa kanilang mga sarili ang mga pagtatamasa sa laman ay masuwayin sa Diyos, at magiging mga pakay ng pagkawasak. Sinumang hindi naniniwala sa Diyos na nagkatawang-tao ay malademonyo at, higit pa rito, wawasakin sila. Yaong mga may pananampalataya ngunit hindi isinasagawa ang katotohanan, yaong mga hindi naniniwala sa Diyos na nagkatawang-tao, at yaong mga hinding-hindi naniniwala sa pag-iral ng Diyos ay magiging mga pakay din ng pagwasak. Lahat yaong mga pahihintulutang manatili ay mga taong nagdaan na sa pagdurusa ng pagpipino at matatag na nanindigan; mga tao itong tunay na tiniis ang mga pagsubok. Sinumang hindi kumikilala sa Diyos ay isang kaaway; ibig sabihin, sinumang hindi kumikilala sa Diyos na nagkatawang-tao—nasa loob man sila o nasa labas ng daloy na ito—ay isang anticristo! Sino si Satanas, sino ang mga demonyo, at sino ang mga kaaway ng Diyos kundi ang mga mapanlaban na hindi naniniwala sa Diyos? Hindi ba sila yaong mga taong masuwayin sa Diyos? Hindi ba sila yaong mga umaangkin na may pananampalataya, subalit salat sa katotohanan? Hindi ba sila yaong mga naghahangad na matamo lamang ang mga pagpapala samantalang hindi magawang magpatotoo para sa Diyos? Nakikihalubilo ka pa rin ngayon sa mga demonyong iyon at nag-uukol ng budhi at pagmamahal sa kanila, ngunit sa pangyayaring ito, hindi ka ba nag-aabot

ng mabubuting layon kay Satanas? Hindi ka ba nakikisama sa mga demonyo? Kung hindi pa rin magawa ng mga tao sa mga araw na ito na makita ang kaibhan ng mabuti at masama, at patuloy na bulag na maging mapagmahal at maawain nang walang anumang layon na hangarin ang kalooban ng Diyos o magawang kupkupin bilang kanila sa anumang paraan ang mga layunin ng Diyos, magiging higit na kahabag-habag ang kanilang mga katapusan. Kaaway ng Diyos ang sinumang hindi naniniwala sa Diyos sa katawang-tao. Kung nakapag-uukol ka ng budhi at pagmamahal sa isang kaaway, hindi ka ba salat sa kahulugan ng pagiging matuwid? Kung bumabagay ka sa mga yaong kinamumuhian Ko at hindi Ko sinasang-ayunan, at nag-uukol pa rin ng pagmamahal o pansariling damdamin sa kanila, hindi ka ba masuwayin sa gayon? Hindi mo ba sinasadyang labanan ang Diyos? Nagtataglay ba ng katotohanan ang gayong tao? Kung nag-uukol ng budhi ang mga tao patungkol sa mga kaaway, pagmamahal sa mga demonyo, at habag kay Satanas, hindi ba nila sinasadyang gambalain ang gawain ng Diyos sa gayon? Yaong mga tao na naniniwala lamang kay Jesus at hindi naniniwala sa Diyos na nagkatawang-tao sa mga huling araw, gayundin yaong mga pasalitang inaangkin na naniniwala sa Diyos na nagkatawang-tao ngunit gumagawa ng masama, ay pawang anticristo, kahit hindi pa banggitin yaong mga hindi man lamang naniniwala sa Diyos. Magiging mga pakay ng pagwasak ang lahat ng taong ito. Nakabatay sa kanilang pag-uugali ang pamantayang ginagamit ng mga tao upang hatulan ang ibang mga tao; matuwid yaong ang asal ay mabuti, habang buktot yaong ang asal ay karumal-dumal. Ang pamantayan ng Diyos sa paghatol sa mga tao ay batay sa kung nagpapasakop ba o hindi sa Kanya ang kanilang diwa; matuwid na tao ang nagpapasakop sa Diyos, samantalang ang hindi nagpapasakop ay kaaway at isang buktot na tao, mabuti man o masama ang pag-uugali ng taong ito at kung tama man o mali ang kanyang pananalita.

Hinango mula sa “Papasok sa Pahinga ang Diyos at ang Tao Nang Magkasama” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Nagkasala ang karamihan ng mga tao. Halimbawa, ang ilan ay sumalansang sa Diyos, ang ilan ay naghimagsik laban sa Kanya, ang ilan ay nakapagbitaw ng mga salitang pagrereklamo laban sa Kanya, at ang iba naman ay nakagawa ng mga bagay na nakasira sa iglesia o nakapinsala sa bahay ng Diyos. Paano dapat tratuhin ang mga taong ito? Matutukoy ang kanilang kahihinatnan batay sa kanilang mga kalikasan at di-nagbabagong pag-uugali. Masasama ang ilang mga tao, ang ilan ay hangal, ang ilan ay maloko, at ang ilan naman ay mga halimaw. Magkakaiba ang bawat isa. Sinasapian ng mga masasamang espiritu ang ilang masasamang tao, habang ang iba naman ay mga kampon ng diyablong si Satanas. Kung pag-uusapan ang kanilang mga kalikasan, ang ilan ay partikular na buktot, ang ilan ay partikular na mapanlinlang, ang ilan ay sakim pagdating sa pera, at ang iba naman ay nagpapakasasa sa kahalayan. Magkakaiba ang pag-uugali ng bawat tao, kaya dapat tingnan ang lahat ng tao sa komprehensibong paraan alinsunod sa kanilang indibiduwal na kalikasan at pag-uugali. Batay sa mga likas na pag-uugali ng mortal na laman ng tao, sinuman ang taong iyon, likas sa kanya ang magkaroon ng malayang kalooban; ito ay ang simpleng makapag-isip tungkol sa bagay-bagay—ngunit wala siyang kakayahan na tuwirang pasukin ang espirituwal na mundo. Katulad ito sa pagkakataong sumasampalataya ka sa tunay na Diyos at nais mong tanggapin ang yugtong ito ng Kanyang bagong gawain, ngunit wala pang dumating upang mangaral sa iyo ng ebanghelyo; tanging ang gawain ng Espiritu Santo ang mayroon ka upang bigyan ka ng kaliwanagan at gabayan ka kung saan man: Kung magkaganito, imposible para sa iyo na malaman kung ano ang magagawa ng Diyos sa hinaharap. Hindi magagawang arukin ng mga tao ang Diyos; hindi nila taglay ang kakayahan upang magawa ang gayon, ni hindi nila taglay ang kakayahang tuwirang maunawaan ang espirituwal na mundo o lubusang maunawaan ang gawain ng Diyos, lalo na ang mapaglingkuran Siya nang maluwag sa loob tulad ng isang anghel. Maliban na lang kung nilupig at binago sila ng Diyos, o diniligan at pinagkalooban sila ng mga katotohanang ipinapahayag Niya, hindi

magagawa ng mga tao na tanggapin ang bagong gawain. Kung hindi gagawin ng Diyos ang gawaing ito, hindi sila magkakaroon ng mga bagay na ito sa kanilang kalooban, at napagpasyahan ito ng kanilang likas na pag-uugali. Kaya, kapag tumatanggi at naghihimagsik ang ilang mga tao, nagiging dahilan sila ng galit at poot ng Diyos. Subalit dahil sa pagsasaalang-alang sa kanilang likas na pag-uugali, tinatrato ng Diyos ang bawat kaso na magkakaiba at magkakabukod na hinaharap ang bawat kaso. Samakatuwid, ang anumang gawain na ginawa ng Diyos ay sinusukat. Alam Niya kung ano ang gagawin at kung paano ito gawin. Para naman sa mga bagay na hindi likas na kayang gawin ng mga tao, tiyak na hindi ipagagawa ng Diyos ang mga ito sa kanila. Pinakikitunguhan Niya ang bawat tao batay sa kapaligiran at konteksto sa panahong iyon, sa aktuwal na sitwasyon, sa mga ikinilos ng tao, at sa inasal at mga pagpapahayag ng tao. Hindi kailanman gagawan ng Diyos ng mali ang sinumang tao. Ito ang katuwiran ng Diyos. Halimbawa, nang kainin ni Eva ang bunga ng punongkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama na ipinag-utos sa kanyang gawin ng ahas, hindi siya sinisi ng Diyos na si Jehova na nagsasabing, “Sinabi Ko sa iyo na huwag itong kainin, ngunit bakit mo pa rin ito ginawa? Dapat matalas ang iyong isip; dapat alam mong nagsalita ang ahas upang tuksuhin ka lamang.” Hindi ito sinabi ng Diyos na si Jehova, ni hindi Niya pinagalitan si Eva. Dahil nilikha Niya ang mga tao, alam Niya ang kanilang likas na pag-uugali at kung ano ang bumubuo sa mga likas na pag-uugaling iyon, kung hanggang saan ang makakaya ng mga taong kontrolin ang kanilang sarili, at kung ano ang kakayahan ng mga tao. Kapag pinakikitunguhan ng Diyos ang isang tao, kapag bumubuo Siya ng saloobin para sa isang tao—na may pagkamuhi man o pagkasuklam—at kapag may nasasabing partikular na mga bagay ang isang tao sa mga partikular na sitwasyon, nauunawaang mabuti ng Diyos ang kalagayan ng taong iyon. Laging iniisip ng mga tao na tanging pagka-Diyos lamang ang mayroon ang Diyos; na Siya ay matuwid at hindi sumasama ang loob. Ipinapalagay nila na wala Siya ni kaunting pagkatao, hindi Niya isinasaalang-alang ang paghihirap ng mga tao, at hindi inilalagay

ang Kanyang Sarili sa kanilang kalagayan; naniniwala sila na parurusahan Niya ang mga tao hangga't hindi nila isinasagawa ang ayon sa katotohanan, at na matatandaan Niya kung kumokontra ang isang tao sa Kanya kahit kaunti, at parurusahan ang taong iyon pagkatapos. Hindi talaga ganito ang kaso. Kung ganito ang ideya mo tungkol sa katuwiran, gawain, at saloobin ng Diyos sa mga tao, kung gayon ay lubhang nagkakamali ka. Ang batayang ginagamit ng Diyos upang pakitunguhan ang mga tao ay hindi mailalarawan sa isip ng tao. Ang Diyos ay matuwid; ang Diyos ay may sarili Niyang mga prinsipyo—at sa malaon o madali, magagawa Niyang lubos na makumbinsi ang lahat ng tao.

Hinango mula sa "Sa Anong Batayan Tinatrato ng Diyos ang Mga Tao?" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Mayroong ilang tao na ang paniniwala ay hindi kailanman kinikilala sa puso ng Diyos. Sa madaling salita, hindi kinikilala ng Diyos na mga alagad Niya sila, dahil hindi Niya pinupuri ang kanilang paniniwala. Para sa mga taong ito, ilang taon man nila nasunod ang Diyos, hindi kailanman nagbago ang kanilang mga ideya at pananaw; para silang mga hindi mananampalataya, sumusunod sa mga prinsipyo at paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay ng mga hindi mananampalataya at sa mga batas para patuloy na mabuhay at pananampalataya. Hindi nila kailanman tinanggap ang salita ng Diyos bilang kanilang buhay, hindi kailanman naniwala na ang salita ng Diyos ay katotohanan, hindi kailanman nilayon na tanggapin ang pagliligtas ng Diyos, at hindi kailanman kinilala ang Diyos bilang kanilang Diyos. Ang tingin nila sa paniniwala sa Diyos ay libangan ng baguhan, na tinatrato Siya bilang isang espirituwal na pagkain lamang; sa gayon, hindi nila iniisip na mahalagang subukan at unawain ang disposisyon o diwa ng Diyos. Masasabi na lahat ng tumutugma sa tunay na Diyos ay walang kinalaman sa mga taong ito; hindi sila interesado, ni hindi sila mag-aabalang makinig. Ito ay dahil sa kaibuturan ng kanilang puso, mayroong isang malakas na tinig na laging nagsasabi sa kanila, "Ang Diyos ay hindi nakikita at hindi nahihipo, at hindi umiiral." Naniniwala sila na

ang pagsisikap na unawain ang ganitong uri ng Diyos ay pagsasayang ng kanilang pagsisikap, at na niloloko lamang nila ang kanilang sarili sa paggawa nito. Naniniwala sila na sa pamamagitan lamang ng pagkilala sa Diyos sa mga salita nang walang anumang tunay na paninindigan o pamumuhunan ng kanilang sarili sa anumang tunay na mga kilos, medyo matalino sila. Ano ang tingin ng Diyos sa gayong mga tao? Ang tingin Niya sa kanila ay mga hindi mananampalataya. Tinatanong ng ilang tao, “Maaari bang basahin ng mga hindi mananampalataya ang mga salita ng Diyos? Maaari ba nilang sambitin ang mga salitang, ‘Mabubuhay ako para sa Diyos’?” Ang madalas makita ng mga tao ay ang pagkukunwaring ipinapakita ng mga tao sa panlabas; hindi nila nakikita ang diwa ng mga tao. Gayunman, hindi tinitingnan ng Diyos ang mga paimbabaw na mga pagpapakitang ito; ang tanging nakikita Niya ay ang diwa sa kanilang kalooban. Sa gayon, ito ang klase ng saloobin at paglalarawan ng Diyos sa mga taong ito.

Hinango mula sa “Paano Malalaman ang Disposisyon ng Diyos at ang mga Resultang Makakamtan ng Kanyang Gawain” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Yaong mga kapatid na palaging nagbubulalas ng kanilang pagkanegatibo ay mga utusan ni Satanas, at ginugulo nila ang iglesia. Ang mga taong ito balang araw ay kailangang itiwalag at alisin. Sa kanilang paniniwala sa Diyos, kung ang mga tao ay walang pusong nagpipitagan sa Diyos, kung wala silang pusong masunurin sa Diyos, hindi lamang sila hindi makakagawa ng anumang gawain para sa Kanya, kundi bagkus ay magiging mga taong gumagambala sa Kanyang gawain at sumusuway sa Kanya. Ang paniniwala sa Diyos ngunit hindi sumusunod o nagpipitagan sa Kanya, at sa halip ay nilalabanan Siya, ang pinakamalaking kahihiyan para sa isang nananampalataya. Kung natural at walang pagpipigil ang pananalita at pag-uugali ng mga mananampalataya na tulad ng mga walang pananampalataya, mas masama pa sila kaysa mga walang pananampalataya; sila ay napakatipikal na mga demonyo. Yaong mga nagbubulalas ng kanilang makamandag at malisyosong pananalita sa loob

ng iglesia, na nagkakalat ng mga tsismis, nagpupukaw ng kawalan ng pagkakaisa, at iginugrupu-grupo ang mga kapatid—dapat ay natiwalag na sila sa iglesia. Subalit dahil ibang panahon na ngayon ng gawain ng Diyos, hinihigpitan ang mga taong ito, sapagkat tiyak na aalisin sila. Lahat ng nagawang tiwali ni Satanas ay may tiwaling disposisyon. Ang ilan ay walang anumang taglay kundi mga tiwaling disposisyon, samantalang ang iba ay hindi ganito: Hindi lamang sila mayroong tiwali at napakasamang disposisyon, kundi napakamalisyoso rin ng kanilang likas na pagkatao. Hindi lamang nahahayag sa kanilang mga salita at kilos ang kanilang tiwali at napakasamang disposisyon; ang mga taong ito, bukod dito, ang totoong diyablong si Satanas. Ang pag-uugali nila ay nakakaabala at nakakagambala sa gawain ng Diyos, nakakasama sa pagpasok ng mga kapatid sa buhay, at nakakasira sa normal na buhay ng iglesia. Sa malao't madali, ang mga lobong ito na nakadamit-tupa ay kailangang mapalayas; hindi dapat kaawaan at tanggapin ang mga utusang ito ni Satanas. Ito lamang ang pumapanig sa Diyos, at yaong mga hindi nakakagawa nito ay nagtatampisaw sa putikan na kasama ni Satanas.

Hinango mula sa "Isang Babala sa mga Hindi Nagsasagawa ng Katotohanan" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Mayroong uri ng tao na kayang ituring ang sinuman nang may pagmamahal, pagiging matulungin, at pagpapaubaya, ngunit sa Diyos lamang, sila ay hindi mapagkakasundo, at sila ang Kanyang mabigat na kaaway. Kapag nakatagpo sila ng bagay na may kinalaman sa katotohanan, na may kinalaman sa kung ano ang sinasabi at hinihiling ng Diyos, hindi lamang nila ito hindi matanggap, lumilikha ng mga paghihirap at pinagdududahan sa lahat ng oras, at nagpapakalat na mga kuru-kuro, gumagawa rin sila ng maraming bagay na nakapipinsala sa gawain ng bahay ng Diyos, na kapag may bagay na may kinalaman sa kanilang sarili nilang mga hangarin, may kakayahang pa rin silang bumangon at sumigaw laban sa Diyos. Anong klaseng tao ito? (taong napopoot sa Diyos.) Ang pagkapoot sa Diyos ay aspekto ng kalikasan ng lahat ng tao, at lahat ay

mayroong kakanyahang ito; gayon pa man, sa ilang tao, hindi ito gaanong matindi. Bakit labis ang poot sa Diyos ng ganitong uri ng tao kung gayon? Sila ang kaaway ng Diyos; sila ay mga demonyo—na madaling salita, sila ay mga buhay na demonyo! Mayroon bang mga buhay na demonyo sa mga tao na inililigtas ng Diyos? (Wala.) Samakatuwid, kung tiyak kayong may makilala sa iglesya bilang mga ganitong uri ng buhay na demonyo, dapat ninyo silang burahin agad mula sa lugar. Kung kumikilos ang isang tao nang maayos sa pangkalahatan ngunit mayroon lamang pansamantalang pagkawala sa kanilang kalagayan, o kung ang kanilang tayog ay masyadong mababa para maunawaan ang katotohanan, at sanhi sila ng konting pagkagambala o kaguluhan, ngunit ang pag-uugaling ito ay hindi tuloy-tuloy, at hindi sila likas na ganitong uri ng tao, maaari silang mapanatili kung gayon. Mayroong ilang mahuhusay sa isang bagay, sa kabila ng kanilang medyo mahirap na pagkatao: Handa silang maglingkod at handa pang maghirap; hindi lamang sila nagpaparaya ng anumang pagkakasala at lalabanan ang sinumang manakit sa kanila, ngunit kapag hindi nasasaktan, sila ay medyo normal. Hindi rin sila kumita sa gastos ng iba. Maaari ring mapanatili ang mga ganitong tao, at, bagaman hindi masasabing sila ay maaaring maligtas, maaari silang makapagsilbi man lang, at kung makakapaglingkod sila hanggang sa huli ay nakasalalay sa kanilang pansariling paghahangad. Gayunpaman, kung ang gayong tao ay buhay na demonyo at kalaban ng Diyos, hindi sila kailanman maliligtas. Ito ay isang katiyakan, at dapat silang maalis mula sa simbahan. Ang ilan ay inaalis upang bigyan sila ng pagkakataong magsisi, upang turuan sila ng leksyon; ang iba ay inaalis dahil nakita na sa kanilang mga kalikasan kung ano sila, at hindi sila maliligtas. Lahat ay magkakaiba. Ang ilan na inalis sa kabila ng kanilang malungkot at madilim na kalagayan, ay hindi binitawan ang kanilang tungkulin, at patuloy itong ginagampanan—ang kalagayan nila ay hindi katulad ng sa mga taong hindi talaga ginagawa ang kanilang tungkulin, at ang mga landas na tinahak nila ay magkaiba.

Hinango mula sa “Ang Dapat na Saloobin ng Tao Patungkol sa Diyos” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sa kalipunan ng mga iglesia, may mga nag-iisip na ang pagpapagal nang kaunti o ang paggawa ng isang mapanganib na bagay ay nangangahulugang nakapag-ipon sila ng gawang-kabutihan, at batay sa kanilang mga kilos sadya ngang karapat-dapat silang bigyang-puri. Subalit kasuklam-suklam ang kanilang disposisyon at saloobin patungkol sa katotohanan; wala silang pagmamahal para sa katotohanan, at iyon mismo ang nagpapasuklam sa kanila. Walang-kuwenta ang gayong mga tao. Kapag nakikita ng Diyos na mahina ang kakayahan ng mga tao, na mayroon silang partikular na kapintasan, at may mga tiwaling disposisyon o isang diwang sumasalungat sa Kanya, hindi Siya naitataboy ng mga ito, at hindi nito inilalayo sila sa Kanya. Hindi ito ang kalooban ng Diyos, at hindi ito ang Kanyang saloobin patungkol sa tao. Hindi kinapopootan ng Diyos ang mahinang kakayahan ng mga tao, hindi Niya kinapopootan ang kanilang kahangalan, at hindi Niya kinapopootan na mayroon silang mga tiwaling disposisyon. Ang talagang kinapopootan ng Diyos ay kapag kinasusuklaman ng mga tao ang katotohanan. Kung kinamumuhian mo ang katotohanan, dahil lamang doon, hindi makasusumpong ng kasiyahan ang Diyos sa iyo. Nakataga na ito sa bato. Kung kinamumuhian mo ang katotohanan, kung hindi mo mahal ang katotohanan, kung ikaw ay walang malasakit, mapanglait, mapagmalaki, at ikaw pa nga ay itinataboy, lumalaban at tinatanggihan mo ito kapag ipinahahayag ng Diyos ang katotohanan, ang gayong mga kahayagan ang magiging sanhi para kasuklaman ka ng Diyos, at hindi ka maliligtas. Kung mahal mo ang katotohanan, kahit na medyo mahina ang iyong kakayahan, kahit na napakatagal mong hindi sinampalatayanan ang Diyos, kahit na madalas kang nakagagawa ng pagkakamali, at kahit na gumagawa ka ng mga kahangalang bagay, kung minamahal mo ito kapag ibinabahagi ng Diyos ang katotohanan, kung matapat ang iyong saloobin patungkol sa katotohanan at sa mga salita ng Diyos, kung taos sa puso at taimtim ito, kung pinakaiingat-ingatan at pinahahalagahan mo ang katotohanan, magiging maawain ang Diyos sa iyo. Hindi nababalisa ang Diyos sa iyong kamangmangan at mahinang kakayahan, dahil taos sa puso at taimtim ang

iyong saloobin patungkol sa katotohanan, at totoo ang iyong puso; ang iyong puso at saloobin ang siyang pinapahalagahan ng Diyos, at lagi Siyang magiging maawain sa iyo—kaya't may pag-asa ka sa kaligtasan. Sa kabilang panig, kung matigas ang iyong puso at mapagpalayaw sa sarili, kung kinamumuhian mo ang katotohanan, at hindi minamahal ang anumang salita ng Diyos at anumang bagay na sangkot ang katotohanan, at hindi kailanman dinirinig ito, at kontra at naiinis mula sa kaibuturan ng iyong puso, ano ang saloobin ng Diyos patungkol sa iyo? Pagkasuklam, pagkainis, at hindi humuhupang pagkapoot. Anong dalawang katangian ang malinaw sa makatuwirang disposisyon ng Diyos? Masaganang awa at matinding poot. Ang "masagana" sa "masaganang awa" ay nangangahulugang ang awa ng Diyos ay mapagparaya, matiisin, mapagbata, at ito ang pinakadakilang pagmamahal—iyon ang ibig sabihin ng "masagana." Dahil hangal at mahina ang kakayahan ng ilang tao, ganito dapat kumilos ang Diyos. Mahal mo ang katotohanan subalit isa ka namang hangal at mahina ang kakayahan, ang saloobin ng Diyos ay maaari lamang maging isang masaganang awa para sa iyo. Ang awa ay may kasamang pagtitiis at pagpaparaya: Mapagparaya at matiisin ang Diyos sa iyong kamangmangan, binibigyan ka Niya ng sapat na pananampalataya at pagtitiyaga upang suportahan ka, pagkalooban ka, at tulungan ka, upang maunawaan mo nang paunti-unti ang katotohanan at unti-unti kang umunlad. Sa anong saligan ito nakatayo? Sa saloobin ng isang taong minamahal at inaasam ang katotohanan, tapat sa Diyos, sa Kanyang mga salita, at sa katotohanan. Ito ang mga pinakasaligang pag-uugali na dapat maihayag sa mga tao. Ngunit kung kinapopootan ng isang tao ang katotohanan, kung kinamumuhian nila ang katotohanan, kung tinatanggihan nila ito, at inaayawan ito, kung hindi sila kailanman nagbabahagi tungkol sa katotohanan sa sinuman, at nagsasalita lamang ng tungkol sa kung paano sila nagtrabaho, kung gaano karaming karanasan ang mayroon sila, tungkol sa lahat ng pinagdaanan nila, tungkol sa kung paanong mataas ang pagtingin ng Diyos sa kanila at pinagkatiwalaan sila ng mga dakilang gampanin—kung nagsasalita lamang

sila ng gayong puhunan at mga nagawa at tungkol sa sarili nilang mga talento, at ginagamit ang mga bagay na ito upang magpakitang-gilas, at hindi kailanman nagbabahagi tungkol sa katotohanan, nagpapatotoo sa Diyos, o ibinabahagi ang kanilang pagkaunawa at mga karanasan na konektado sa katotohanan o sa kanilang pagkakilala sa Diyos, hindi ba nila inaayawan ang katotohanan? Ito ang kahayagan ng hindi pagmamahal sa katotohanan. Sinasabi ng ilang mga tao na, “Paano nila mapakikinggan ang mga sermon kung hindi naman nila mahal ang katotohanan?” Lahat ba ng nakikinig sa mga sermon ay nagmamahal sa katotohanan? Basta ginagawa na lamang ito ng ilang mga tao nang hindi naman talaga sila interesado, napipilitan silang magkunwari sa harap ng iba, nangangamba na kung hindi sila makikibahagi sa buhay-iglesia, hindi kikilalanin ng bahay ng Diyos ang kanilang pananampalataya. Paano binibigyan ng Diyos ng pakahulugan ang gayong mga saloobin patungkol sa katotohanan? Sinasabi ng Diyos na hindi nila mahal ang katotohanan, na kinamumuhian nila ang katotohanan. May isang bagay sa kanilang disposisyon na siyang pinakamahalaga kung mabuhay man sila o mamatay, mas mahalaga pa kaysa pagmamataas at panlilinlang: Ito ang pagkamuhi sa katotohanan. Nakikita ito ng Diyos. Yamang makatuwiran ang disposisyon ng Diyos, paano Niya itinuturing ang gayong mga tao? Napopoot Siya sa sinumang gumagambala at nakikialam sa Kanyang gawain at nagkakasala sa Kanyang disposisyon. Kapag napopoot ang Diyos sa tao, sinasaway Niya sila, o dinidisiplina at pinarurusahan sila. Kung hindi nila tahasang kinakalaban ang Diyos, Siya ay pansamantalang magiging mapagparaya at mapagmatyag, at pansamantala, dahil sa sitwasyon o iba pang maliwanag na kadahilanan, gagamitin muna Niya ang di-mananampalatayang ito upang magserbisyo sa Kanya. Ngunit sa sandaling ipahintulot na ng kapaligiran, at dumating na ang tamang oras, sisipain papalabas ng bahay ng Diyos ang mga taong ito, dahil ni hindi sila akma upang magserbisyo. Gayon ang pagkapoot ng Diyos. Bakit ganoon na lamang katindi ang pagkapoot ng Diyos? Sapagkat tinukoy na ng Diyos ang katapusan at kabibilangan ng gayong mga tao na namumuhi sa katotohanan. Ibinibilang

sila ng Diyos sa kampo ni Satanas, at dahil napopoot Siya sa kanila, at kinamumuhian sila, pinagsasarhan sila ng Diyos ng pintuan, hindi niya pinahihintulutan sila na makatungtong sa bahay ng Diyos, at hindi sila binibigyan ng pagkakataon na maligtas. Isa itong kahayagan ng poot ng Diyos. Inilalagay rin sila ng Diyos sa kaparehong antas ni Satanas, bilang maruruming demonyo at masasamang espiritu, bilang mga hindi mananampalataya, at kapag dumating ang takdang oras, lilipulin Niya sila. Hindi ba't isang paraan ito ng pagharap sa kanila? Gayon na lamang ang poot ng Diyos. At ano ang naghihintay sa kanila sa sandaling lipulin sila? Hindi na nila kailanman matatamasa ang biyaya at mga pagpapala ng Diyos at ang pagliligtas ng Diyos.

Sa Kapanahunan ng Biyaya, sinabi na nais ng Diyos na ang bawat tao ay maligtas at hindi nais na ang sinuman ay magdusa ng walang-hanggang kapahamakan. Gayon ang saloobin at damdamin ng Diyos sa pagliligtas sa sangkatauhan, na ginawang tiwali ni Satanas. Ito ang hangad ng Diyos, subalit sa katotohanan, hindi tinatanggap ng maraming tao ang pagliligtas ng Diyos; sila ay kay Satanas at hindi sila maliligtas. Ipinapakita ng mga salitang ito ang saloobin ng Diyos patungkol sa buong sangkatauhan: Ang Kanyang pagmamahal ay walang-hangganan, walang-katulad ang lawak nito, at ito'y makapangyarihan. Ngunit sa mga taong kinamumuhian ang katotohanan, hindi maluwag sa loob Niya na malayang ibigay ang Kanyang pagmamahal at pagliligtas, ni hindi Niya gagawin ang gayon. Ito ang saloobin ng Diyos. Ano ang katulad na rin ng pagkamuhi sa katotohanan? Ito ba ang pagsalungat laban sa Diyos? Ito ba ang hayagang pakikipag-alitan sa Diyos? Katulad na rin ito ng hayagang pagsasabi sa Diyos na, "Hindi ako nasisiyahang pakinggan kung ano ang dapat Mong sabihin. Kung hindi ko ito gusto, kung gayon hindi ito katotohanan, at hindi ko ito tatanggapin bilang katotohanan. Magiging katotohanan lamang ito kapag tinatanggap ko ito at nagugustuhan ko ito." Kapag may ganyan kang saloobin patungkol sa katotohanan, hindi ba ito hayagang pakikipag-alitan sa Diyos? Kung hayagan kang nakikipag-alitan sa Diyos, ililigtas ka ba ng Diyos? Hindi. Ito mismo ang pinakadahilan ng pagkapoot ng Diyos. Ang

diwa ng uri ng mga taong kinamumuhian ang katotohanan ay pakikipag-alitan sa Diyos. Hindi itinuturing ng Diyos bilang tao ang mga taong may ganitong diwa; itinuturing Niya sila bilang mga kaaway, bilang mga demonyo, at hindi sila kailanman ililigtas. Ito ang kahayagan ng poot ng Diyos. ... May dahilan kung bakit napakatindi nang pagkapoot ng Diyos sa isang tao o sa isang uri ng tao. Hindi natutukoy ang dahilang ito sa pamamagitan ng kagustuhan ng Diyos, kundi sa pamamagitan ng saloobin ng taong iyon patungkol sa katotohanan. Ang pagkamuhi ng isang tao sa katotohanan ay pumapatay sa pagtatamo nila ng kaligtasan; hindi ito isang kasalanan na mapapatawad o hindi, hindi ito isang anyo ng pag-uugali, o isang bagay na panandaliang nabubunyag sa kanila; ito ang kalikasang diwa ng isang tao, at kinamumuhian ng Diyos ang gayong mga tao higit sa lahat. Kung ito ang nabubunyag sa iyo paminsan-minsan, magbulay-bulay kung ito ba ay dahil hindi mo nauunawaan ang katotohanan, at kailangan mong maghanap, at kailangan mo ng kaliwanagan at tulong ng Diyos, o kung ito ba ay dahil sa tinututulan mo ang katotohanan mula sa kaibuturan ng iyong puso. Kung iyon ang kalikasang diwa mo, kung hindi mo kailanman minahal ang katotohanan, at nagbubunga ang katotohanan ng pag-ayaw at pagkasuklam sa iyong puso, kung kinayayamutan mo ito, nasa pagkapahamak ka.

Hinango mula sa “Napakahalaga ng Pag-unawa sa Katotohanan sa Wastong Pagtupad ng Tungkulin ng Isang Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

133. Ang mga Prinsipyo ng Pakikitungo sa mga Kapatid na Bago sa Pananampalataya

(1) Dapat na diligan ang mga baguhan ng katotohanan ng pangitain, nilulutas ang lahat ng kanilang haka-haka at mga kaisipan, upang makapagtatag sila ng matibay na pundasyon sa tamang daan sa lalong madaling panahon.

(2) Huwag dapat humiling ng labis-labis mula sa mga baguhan. Dapat na lutasin kaagad ang kanilang mga haka-haka at mga paghihirap ng may pagtitiyaga, sa pamamagitan ng pagbabahagi sa katotohanan;

(3) Hindi dapat gumamit ng mga alituntunin upang kontrolin ang iba. Dapat na diligan ang lahat ng tao batay sa kanilang mga aktuwal na sitwasyon, at hindi dapat na piliting dumapo ang isang bibe, ibig sabihin, hilingin sa iba ang hindi nila magawa;

(4) Maging marunong sa kung paano mo pakitunguhan ang mga bago sa pananampalataya. Dapat magkaroon ng pag-iingat laban sa mga taong may hindi mabuting pagkatao na hindi umiibig sa katotohanan, at hindi dapat ipaalám sa kanila ang mga personal na impormasyon o pang-iglesia.

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Ang pagdidilig sa mga bagong mananampalataya upang mabilis silang makapagtatag ng matibay na pundasyon sa totoong daan at makapasok sa tamang landas sa kanilang pananampalataya ay ang pinakapangunahin at sentrong gawain ng bahay ng Diyos. Kasama sa mga katotohanang dapat na ipandilig sa mga bagong mananampalataya ang: ang katotohanan ng tatlong yugto ng gawain ng Diyos; ang katotohanan ng pagkakatawang-tao ng Diyos; ang katotohanan ng mga pangalan ng Diyos; ang katotohanan ng mga pagkakaiba sa pagitan ng gawain ng Diyos at ng gawain ng tao; ang katotohanan ng pagkilala sa tunay na Cristo mula sa mga huwad na Cristo; ang katotohanan ng pagkilala sa gawain ng Banal na Espiritu at pagkilala sa gawain ng mga masasamang espiritu; ang katotohanan ng pagdadala ng mga salita ng Diyos sa totoong buhay; at ang katotohanan ng pagiging isang tapat na tao, atbp. Idilig ang mga katotohanang ito sa kaibuturan ng mga puso ng lahat ng katatanggap pa lamang sa gawain ng Diyos upang makapaglatag sila ng mabubuting pundasyon. Matitiyak nito na matatag silang makakapanatili sa totoong daan at hindi pagtataksilan o ipagkakaila ang Diyos maging anuman ang mga pagkagambalang maaari nilang makaharap mula kay Satanas ang diyablo. Tanging kapag nakamit lamang ng gawain ng isang tao ang ganitong resulta nila pinaglilingkuran ang Diyos alinsunod sa Kanyang kalooban at tunay na ginagawa ang kalooban ng Diyos.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Habang dinidiligan natin ang mga baguhang mula sa mga di-mananampalataya, dapat maging maliwanag na kailangan tayong maging mapagmahal at matiyaga, at hindi dapat tayo humingi ng lubhang mahihirap na kahilingan o tabasan at pakiharapan sila. Dapat tayong maghintay hanggang maunawaan nila ang ilang mga katotohanan at mayroon na silang pundasyon bago tayo magbigay ng mga mahihigpit na atas o tabasan at pakiharapan sila. Dapat na isyuhan o pahiramin ng mga aklat na babasahin ang baguhang mula sa di-mananampalataya kahit ilang buwan pa lang na nananampalataya, hangga't mayroon silang mahusay na kakayahan at may paghahangad para sa katotohanan, at dapat namang isyuhan ng mga aklat tungkol sa patotoong karanasan ang mga taong nananampalataya ng hindi bababa sa anim na buwan. Dapat na walang paglilimita kapag dinidiligan at pinapastol ang mga baguhang mula sa daigdig ng mga di-mananampalataya. Hindi naman talaga sila kaiba mula sa mga taong nahikayat mula sa ibang mga denominasyon; pareho din ang kanilang pagkatao, sadyang wala lang silang kaalaman sa Biblia, at ito ay hindi isang malaking problema. Hindi dapat sila diskriminahin o ituring na lubhang walang alam; hindi na sila lilitaw na napag-iiwanan pagkatapos ng isang taong pananampalataya. Gayunpaman, mapapahamak ang ilang mga buhay kung hindi sila kaagad na madidiligan. Kaya nga dapat na sunggaban ang bawat sandali upang buong sikap na diligan at tustusan ang bawat isang baguhang mula sa mga di-mananampalataya upang maparamdam sa kanila ang pag-ibig at ang init ng bahay ng Diyos, at higit pa roon ay mapagtanto na ang Diyos ay tunay at mapagkakatiwalaan. Alinsunod ito sa kalooban ng Diyos. Mas dalisay ang mga galing sa mundo ng di-mananampalataya na tumatanggap sa katotohanan at mas madaling tumatanggap ng mga bagong bagay kumpara sa mga nahikayat mula sa ibang mga denominasyon. Gayunpaman, hindi muna dapat sila sabihan ng anumang tungkol sa mga kautusang pang-administratibo ng iglesia. Dapat silang tratuhin ng may karunungan at mas turuan tungkol sa mga patakaran ng bahay ng Diyos. Hindi sila dapat pahintulutang basta na lang dumalo sa anumang maliliit na pagpupulong o magtanong tungkol sa mga

usaping pang-iglesia; bukod pa roon, dapat tayong mag-ingat sa mga taong tila kahina-hinala at hindi pa gaanong kakilala. Ito ang mga prinsipyo na dapat na maunawaan para sa pagdidilig at pamumuno ng mga baguhang mananampalataya.

Hindi dapat tayo magtakda ng sapilitang pagdalo sa lingguhang pagtitipon para sa mga baguhang mula sa mga di-mananampalataya. Dapat na pagpasyahan ang pagtitipon batay sa kanilang aktuwal na mga kalagayan, at hindi dapat masyadong marami o kaunti ang mga pagtitipon; maaaring pagpasyahan ng karamihan ang bilang ng mga pagtitipon. Kapag nakikipagkita sa mga baguhang ito, dapat nating basahin ang mga salita ng Diyos, turuan sila ng mga himno at mga sayaw, at turuan silang manalangin, upang sila ay makapasok sa normal na buhay-espirituwal. Sa ganitong paraan, magagawa nila ang mga tungkulin pagkatapos ng ilang buwang pananampalataya. Maging higit na mapagmahal at matiyaga sa kanila, at diligan sila at tustusan sila ng maayos. Anuman ang mangyari, huwag nating palamigin ang kanilang pagiging positibo at apulahin ang kanilang sigasig. Lahat tayo ay minsang naging di-mananampalataya; nauna lang tayong nanampalataya sa kanila. Mali ang hamakin natin ang mga baguhang ito sa ganitong kadahilanan. Sa mata ng Diyos, hindi mahalaga kung sino ang naunang nanampalataya at kung sino ang nahuling nanampalataya. Sinumang nagtamo ng katotohanan ay may mabuting pananampalataya. Hangga't nagnanais silang matamo ang katotohanan, magiging katulad natin sila pagkatapos ng ilang taon ng pananampalataya.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Ang pakikitungo sa mga tao nang may karunungan. Sabi ng ilang tao: "Kailangan ba ng karunungan para makasundo ang mga kapatid?" Oo, kailangan, sapagkat ang paggamit ng karunungnan ay nagdudulot ng mas malaki pang pakinabang sa iyong mga kapatid. Ang ilan ay magtatanong: "Hindi ba ang pagiging magaling sa mga kapatid ay pagiging tuso?" Ang

karunungan ay hindi pagiging tuso. Sa halip, ito ay lubos na kabaliktaran ng pagiging tuso. Ang ibig sabihin ng paggamit ng karunungan ay ang pagbibigay pansin sa paraan ng pananalita sa iyong mga kapatid kapag maliit ang katayuan nila, kung sakaling hindi nila matanggap ang iyong sinasabi. At saka, sa mga taong nasa mababang katayuan, lalo na ang mga hindi nagtataglay ng katotohanan at nagbubunyag ng ilang katiwalian at may ilang tiwaling disposisyon, kung ikaw ay masyadong simple at bukas at sinasabi mo ang lahat ng bagay, minsan maaari din itong maging madali para sa kanila na makakuha ng isang bagay sa iyo o para sa iyo para magamit. Hindi rin ito makabubuti. Dahil ang mga tao ay may tiwaling disposisyon, kailangan may pag-iingat ka at may ilang pamamaraan kapag nagsasalita. Ngunit ang pagiging maingat laban sa mga tao ay hindi nangangahulugang hindi sila tutulungan o walang pagmamahal sa kanila. Ibig sabihin lang nito ay ang hindi pagsabi agad ng mga importanteng bagay tungkol sa sambahayan ng Diyos, at pagpapaalam lang ng katotohanan sa kanila. Kung kailangan nila ng tulong espirituwal sa buhay at kailangang ibigay ang katotohanan sa kanila, kailangan nating gawin ang lahat ng ating makakaya para masiyahan sila tungkol dito. Ngunit kung sila ay nagtatanong sa ganito’t sa ganyan tungkol sa sambahayan ng Diyos, o sa ganito’t sa ganyan tungkol sa mga lider at manggagawa nito, hindi na kailangang sabihin sa kanila. Kung sasabihin mo sa kanila, maaari nilang ilabas ang mga impormasyong ito at ito’y makakaapekto sa gawain ng sambahayan ng Diyos. Sa madaling salita, kung ito ay isang bagay na hindi nila dapat malaman o isang bagay na hindi nila kailangang malaman, huwag hayaang malaman nila ang tungkol dito. Kung ito ay isang bagay na dapat nilang malaman, gawing mo ang lahat para malaman nila ang tungkol dito, buong-buo at walang pag-aalinlangan. Ano ang mga bagay na dapat nilang malaman? Ang paghahangad sa katotohanan ang dapat nilang malaman; kung anong katotohanan ang dapat nilang makuha, anong mga aspeto ng katotohanan ang dapat nilang maintindihan, anong mga tungkulin ang dapat nilang matupad, anong mga tungkulin ang angkop sa kanila para matupad, paano nila dapat matupad ang mga tungkuling

iyon, paano mamuhay nang may normal na pagkatao, paano mamuhay ng buhay iglesia—ito ang lahat na dapat malaman ng mga tao. Sa kabilang banda, ang mga patakaran at prinsipyo ng sambahayan ng Diyos at ang gawain ng iglesia ay hindi maaaring ibulgar sa mga tagalabas, o ni ng mga kalagayan ng iyong mga kapatid ay hindi maaaring ilantad sa mga tagalabas o mga hindi mananampalataya sa iyong pamilya. Ito ang prinsipyo na kailangang sundin sa ating paggamit ng karunungan. Ang mga pangalan at tirahan ng iyong mga lider, ay halimbawa, mga bagay na hindi dapat pag-usapan. Kung pag-uusapan ninyo ang tungkol sa mga ganitong bagay, hindi mo kailanman malalaman kung kailan maririnig ng mga tagalabas ang mga impormasyong ito, at ang mga bagay ay maaaring maging mas magulo kapag ito ay nakarating sa ilang masasamang espiya o mga lihim na ahente. Kailangan mong maging matalino sa mga bagay na ito. Kaya ko sinasabi ko na ang karunungan ay lubos na kinakailangan. Bukod dito, kapag ikaw ay nagiging simple at bukas, hindi mo maaaring sabihin nang basta-basta kung kanino man ang pribadong mga bagay. Kailangan mong pagpasyahan ang katayuan ng iyong mga kapatid para makita kung pagkatapos mong sabihin sa kanila, maaari silang maging hindi makadiyos at gawing biro ang iyong sinasabi. Magiging problema kung hahayaan nila itong makalabas; pipinsalain nito ang iyong karakter. Kaya kailangan din ng karunungan sa pagiging simple at bukas.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

134. Ang mga Prinsipyo ng Pakikitungo sa mga Taong Umiibig sa Katotohanan

(1) Ibinibilang sa bayan ng Diyos ang lahat ng taong umiibig sa katotohanan at nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu. Dapat silang tulungan ng may pagmamahal kung gumagawa sila ng mga paglabag, o kung natitisod at nadadapa;

(2) Dapat linangin ang mga taong may mabuting kakayahan upang maging mga pinuno at mga manggagawa, at wala ni isa man ang maaaring umatake o manlinlang sa kanila;

(3) Dapat ilagay sa sentro ng iglesia ang mga taong umiibig sa katotohanan at nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu. Dapat na tutukan ang pagdidilig at paglilinang sa kanila, at pagbibigay ng mga pagkakataon upang gumanap ng tungkulin at magsanay;

(4) Dapat na ibigay ng iglesia ang kanyang pangangalaga sa mga umiibig sa katotohanan. Dapat na maparusahan ang lahat ng masasamang tao na aatake, magbubukod, o manlilinlang sa mga taong umiibig sa katotohanan.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang pagliligtas ng Diyos sa sangkatauhan ay pagliligtas sa mga nagmamahal sa katotohanan, pagliligtas sa bahagi nila na may kalooban at kapasyahan, at sa bahagi nila na naghahangad sa katotohanan at katuwiran sa kanilang puso. Ang kapasyahan ng isang tao ay ang bahagi nila sa kanilang puso na naghahangad sa katuwiran, kabutihan, at katotohanan, at nagtataglay ng konsiyensya. Inililigtas ng Diyos ang bahaging ito ng mga tao, at sa pamamagitan nito, binabago Niya ang kanilang tiwaling disposisyon, upang maunawaan at makamit nila ang katotohanan, upang malinis ang kanilang katiwalian, at mabago ang kanilang disposisyon sa buhay. Kung wala sa loob mo ang mga bagay na ito, hindi ka maliligtas. Kung sa loob mo ay walang pagmamahal sa katotohanan o pagnanais para sa pagkamakatuwiran at liwanag; kung sa tuwing makakatagpo ka ng kasamaan ay wala kang kalooban na itakwil ang masasamang bagay ni kapasyahang dumanas ng paghihirap; kung, bukod dito, manhid ang iyong konsiyensya; kung ang iyong kakayahang tumanggap sa katotohanan ay namanhid din, at ikaw ay di-nakaayon sa katotohanan at sa mga pangyayaring dumarating; at kung sa lahat ng bagay ay hindi ka nakakaintindi, at hindi mo kayang pangasiwaan o lutasin ang mga bagay-bagay nang mag-isa, kung gayon ay walang paraan upang maligtas ka. … Bakit sinasabing si Pedro ay isang bunga? Sapagka’t may mahahalagang bagay na nasa kanya, mga bagay na sulit gawing perpekto; desidido siyang hanapin ang katotohanan at matatag ang kalooban; siya ay may katinuan, nakahandang dumanas ng paghihirap, at minahal ang

katotohanan sa kanyang puso, at hindi niya binitawan ang mga pangyayari. Magagandang katangian ang lahat ng ito. Kung wala ka ng magagandang katangian na ito, isa itong malaking problema.

Hinango mula sa “Ang Mga Taong Lito ay Hindi Naliligtas” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung mahal mo ang katotohanan, kahit na medyo mahina ang iyong kakayahan, kahit na napakatagal mong hindi sinampalatayanan ang Diyos, kahit na madalas kang nakagagawa ng pagkakamali, at kahit na gumagawa ka ng mga kahangalang bagay, kung minamahal mo ito kapag ibinabahagi ng Diyos ang katotohanan, kung matapat ang iyong saloobin patungkol sa katotohanan at sa mga salita ng Diyos, kung taos sa puso at taimtim ito, kung pinakaiingat-ingatan at pinahahalagahan mo ang katotohanan, magiging maawain ang Diyos sa iyo. Hindi nababalisa ang Diyos sa iyong kamangmangan at mahinang kakayahan, dahil taos sa puso at taimtim ang iyong saloobin patungkol sa katotohanan, at totoo ang iyong puso; ang iyong puso at saloobin ang siyang pinapahalagahan ng Diyos, at lagi Siyang magiging maawain sa iyo—kaya’t may pag-asa ka sa kaligtasan. Sa kabilang panig, kung matigas ang iyong puso at mapagpalayaw sa sarili, kung kinamumuhian mo ang katotohanan, at hindi minamahal ang anumang salita ng Diyos at anumang bagay na sangkot ang katotohanan, at hindi kailanman dinirinig ito, at kontra at naiinis mula sa kaibuturan ng iyong puso, ano ang saloobin ng Diyos patungkol sa iyo? Pagkasuklam, pagkainis, at hindi humuhupang pagkapoot. Anong dalawang katangian ang malinaw sa makatuwirang disposisyon ng Diyos? Masaganang awa at matinding poot. Ang “masagana” sa “masaganang awa” ay nangangahulugang ang awa ng Diyos ay mapagparaya, matiisin, mapagbata, at ito ang pinakadakilang pagmamahal—iyon ang ibig sabihin ng “masagana.” Dahil hangal at mahina ang kakayahan ng ilang tao, ganito dapat kumilos ang Diyos. Mahal mo ang katotohanan subalit isa ka namang hangal at mahina ang kakayahan, ang saloobin ng Diyos ay maaari lamang maging isang masaganang awa para sa iyo. Ang awa ay

may kasamang pagtitiis at pagpaparaya: Mapagparaya at matiisin ang Diyos sa iyong kamangmangan, binibigyan ka Niya ng sapat na pananampalataya at pagtitiyaga upang suportahan ka, pagkalooban ka, at tulungan ka, upang maunawaan mo nang paunti-unti ang katotohanan at unti-unti kang umunlad. Sa anong saligan ito nakatayo? Sa saloobin ng isang taong minamahal at inaasam ang katotohanan, tapat sa Diyos, sa Kanyang mga salita, at sa katotohanan. Ito ang mga pinakasaligang pag-uugali na dapat maihayag sa mga tao.

Hinango mula sa "Napakahalaga ng Pag-unawa sa Katotohanan sa Wastong Pagtupad ng Tungkulin ng Isang Tao" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Ang paglinang at paggamit ng iglesia sa mga tao ay pangunahing nakasalalay sa kung hinahanap ba nila o hindi ang katotohanan; ito ang pinakamahalagang prinsipyo. Ito ay dahil maipapaliwanag ang maraming isyu ng kung hinahanap ba ng isang tao o hindi ang katotohanan; inihahayag nito kung ang landas na kanyang kinaroroonan ay iyong tama o iyong masama, kung ang kanyang pananampalataya sa Diyos ay praktikal o hindi, at kung anong uri ng katangian ang tinataglay niya. Kung siya ay tunay na isang taong hinahanap ang katotohanan, tiyak siyang magtataglay ng medyo magandang pagkatao, tiyak siyang nasa tamang landas, at tiyak siyang magiging isang mabuting tao kung ikukumpara sa iba. Samakatuwid, paulit-ulit na binibigyang-diin ng bahay ng Diyos ang pangangailangang piliin at gamitin bilang mga lider yaong mga totoong naghahanap sa katotohanan; ito ay isang mahalagang usapin. Walang sinumang perpekto; ang lahat ng tao ay may kani-kanilang mga pagkukulang. Kapag nagsusuri ng isang tao, kailangan mong isaalang-alang ang mga pangunahing aspeto: Kung siya ba ay hinahanap o hindi ang katotohanan, may mahusay na kakayahan, desidido, at may diwa ng katarungan. Kung kayang hanapin ng isang tao ang katotohanan, maging ang pagkakaroon ng ilang maliliit na pagkukulang o paggawa ng ilang maliliit na paglabag ay hindi itinuturing na problema. Hangga't siya ay isang

taong tunay na naghahanap sa katotohanan, maaaring malutas ang kanyang mga paglabag. Kapag nagsusuri ng isang tao, huwag pagtalunan ang maliliit na bagay o husgahan siya ayon sa kanyang itsura; dapat ninyong tingnan ang kanyang diwa. Ito ang mahalaga. Ang pinakamahalagang gawin ay ang humanap ng mga taong tunay na mahusay ang kakayahan, naghahanap sa katotohanan, at may kakayahang gumawa ng gawain; at pagkatapos, isaayos ang mga akmang lugar para sa kanila sa iglesia, at tustusan at linangin sila nang mabuti. Kapag ang mga lider at manggagawa ng iglesia sa lahat ng antas ay tumapak sa tamang landas ng pananampalataya sa Diyos, maaakay rin nila ang hinirang na mga tao ng Diyos papunta sa tamang landas.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Isa itong prinsipyo ng buhay iglesia: dapat na tratuhin ng espesyal ang mga kapatid na taos-pusong nananampalataya sa Diyos at naghahanap sa katotohanan. Mga bagong mananampalataya man sila o maraming taon nang naniniwala sa Diyos, dapat na may tunay na pag-ibig para sa kanila, alukin sila ng totoong tulong, at magkaroon ng diwa ng paghahandog sa kanila. Sa mga ordinaryong panahon, dapat na mas nakakapagbahagi sa kanila tungkol sa katotohanan upang maunawaan nila ang katotohanan sa lalong madaling panahon at lumago sa buhay. Para naman sa mga taong hindi hinahanap ang katotohanan, kung diniligan sila sa loob ng ilang panahon, at natuklasan na hindi nila iniibig ang katotohanan at walang interes dito, hindi na kailangan kung gayon ang gumugol ng mas maraming oras at pagsisikap sa kanila; hindi na kinakailangan ang ganoon, dahil natupad mo na ang iyong obligasyon at nagawa ang lahat ng kabutihang inaasahan mula sa iyo. Maaaring magkaroon ng ibang opinyon ang ilang tao, at sabihin, “Ang mga taong hindi hinahanap ang katotohanan ay dapat lalo pang diligan at higit pang paglaanan; dapat kang mag-isip ng mga paraan upang mapahanap sa kanila ang katotohanan. Kasalungat nito, ang mga humahanap na sa katotohanan ay hindi na dapat alalahanin pa, dahil

alam na nila kung paano maghanap.” Tama ba ang pananaw na ito? Hindi, hindi ito tama. Dapat mong kilalanin na nasa kalikasan ng mga taong hindi naghahanap sa katotohanan ang hindi ibigin ang katotohanan. Masasabing siyamnapung porsiyento ng mga hindi umiibig sa katotohanan ay mga patay na. Determinado ka bang buhaying muli ang patay? Paano mo naisip na makakaya mong gawin iyon? Kung nakasalubong ko ang isang patay na tao, mabilis akong lalayo. Kung hindi gumagawa sa isang tao ang Banal na Espiritu, walang maitutulong ang anumang gawin ninuman kung gayon. Mas mainam kung kukunin mo ang tanging katiting na pag-ibig na mayroon ka at ihandog ito sa Diyos, o ibigay sa mga kapatid na tunay na naghahanap sa katotohanan. Balintuna ang ilang tao at wala talagang ideya kung sino sila o kung gaano ang kakayahan nila; kung mas patay ang tao, mas higit nilang gustong iligtas ang taong iyon. Sa huli, inubos nila ang panahon sa pagsisikap na iligtas ang mga tao, ngunit hindi nakapagligtas ng kahit na sino. Dumadating sa puntong naaantala nila ang sariling pagpasok sa buhay, at wala pa ring nagdidilig sa mga kapatid na talagang naghahanap sa katotohanan, at ang kanilang paglago sa buhay ay bumagal. Hindi ba ito isang kaso ng pag-antala ng seryosong gawain? Kailangan mong tingnan kung aling mga tao itinutuon ng Banal na Espiritu ang Kanyang gawain. Ginagawa bang perpekto ng Diyos ang mga taong hindi hinahanap ang katotohanan? Kung maging ang Banal na Espiritu ay hindi gagawin iyon, bakit walang katuturang sasayangin ng mga tao ang kanilang oras para rito? Hindi ba ito isang halimbawa ng kamangmangan ng tao? Kaya, dapat kang magbigay ng mas higit na suporta sa mga kapatid na tunay na naghahanap sa katotohanan, sapagkat sila ang mga taong nauna nang itinalaga at pinili ng Diyos, at ang mga taong Kanyang ililigtas. Kung madalas kang nakapagbabahagi sa katotohanan kasama ang mga taong ito, nakaayon sa bawat isa sa parehong puso at isip, umaalalay at nagbibigay para sa bawat isa, sa huli ay makakamit ninyong lahat ang kaligtasan. Kung hindi ka nakikisama sa mga taong ito, tinatalikuran mo kung gayon ang kalooban ng Diyos. Sa bawat iglesia ay mayroong iilang tao na naghahanap sa katotohanan; sila ang mga tao na

pinagtutuunan ng gawain ng Banal na Espiritu. Sila ang sentro ng iglesia. Paano nagsisimula ang sentro ng iglesia? Kung sinuman ang mga taong pinagtutuunan ng Banal na Espiritu ay ang mga tao na nagiging sentro ng iglesia. Kung madidiligan mo ang mga taong ito, maging sanhi ng paglago ng kanilang mga katayugan, at mapapatahak sila sa tamang landas sa pananampalataya sa Diyos, ang pagtupad mo ng iyong tungkulin ay magiging sapat at nakaayon sa kalooban ng Diyos. Kung hindi mo pagtutuunan ang pagdidilig sa mga taong ito, at basta na lang silang itatapon sa isang tabi at babalewalain, at pagkatapos ay higit na pagtutuunan ang pagliligtas sa mga walang espiritung bangkay na nabibilang kay Satanas at ang mga taong hindi naunang itinalaga at pinili ng Diyos, silang mga tagapagsilbi, pinapatunayan nito kung gayon na umaawit ka ng ibang tono kaysa sa Diyos; ginagambala mo ang Kanyang gawain, hindi nakikipagtulungan sa gawain ng Banal na Espiritu, at hindi natamo ang mga kritikal na punto sa iyong trabaho. … Kaya nga, pagdating sa mga taong tunay na naghahangad sa katotohan, dapat kang gumawa ng mga hakbang upang higit na matutukan ang pagdidilig sa kanila, pagtutustos sa kanila, at paglilingkod sa kanila. Suportahan ang mga taong ito upang makatahak sila sa tamang landas ng pananampalataya sa Diyos, at magiging ayon sa kalooban ng Diyos ang iyong paglilingkod kung gayon. Doon lamang tunay na magkakaroon ng pakikipagtulungan sa gawain ng Banal na Espiritu ang iyong paglilingkod. Sa loob ng iglesia, ang mga taong tunay na umiibig sa katotohanan at mayroong normal na pagkatao ay dapat na makisama sa mga naghahanap sa katotohanan, payapang makisama sa mga taong ito, at sa pamamagitan ng pagtataguyod sa katotohanan, unti-unting makarating sa puntong nakikiisa na silang gumugugol para sa Diyos. Sa ganitong paraan, matatamo ng mga taong naghahanap sa katotohanan ang kaligtasan, at ganoon din sa iyo, sapagkat ang Banal na Espiritu ay gumagawa sa mga taong naghahangad sa katotohanan.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

Ang pakikitungo ng mga tao sa mga positibong bagay at mga positibong tao at sa mga taong nagtataguyod sa katotohanan ang pinaka-naglalantad sa kanila. Ang kanilang pakikitungo sa mga taong nagtataguyod sa katotohanan ay nagpapakita ng kanilang pakikitungo sa katotohanan at sa Diyos. Napapatunayan na ang isang tao ay namumuhi sa Diyos, at namumuhi sa katotohanan at mga positibong bagay kung ang taong iyon ay sinisiraan, inaabuso, at inaatake ang grupo ng mga taong ito. Ito ang tiyak na katotohanan. Sa kasalukuyan, hindi na nangangahas ang ilang mga tao na hayagang lumaban sa taong kinasangkapan ng Banal na Espiritu. Alam nila na sinuman ang sumalungat sa taong kinasangkapan ng Banal na Espiritu ay hahatulan ng lahat ng nasa iglesia bilang isang anticristo, kung kaya ngayon ginagawa nila ang lahat ng makakaya upang siraang-puri, atakihin at hatulan ang mga pinuno at mga manggagawa na nagtataguyod sa katotohanan at may gawain ng Banal na Espiritu. Nais nilang ibagsak ang mga pinuno at mga manggagawang ito at kunin ang kanilang puwesto. Hindi ba ito ang mga taktika ng mga anticristo? Sabihin nating may isang tao sa isang iglesia na palaging nanghuhusga at umaatake ng mga taong nagtataguyod sa katotohanan, na palaging naghahanap ng kamalian sa mga ito at humahanap ng mga pagpapakita ng katiwalian sa mga taong nagtataguyod sa katotohanan, at kapag may nakitang anuman, hinuhusgahan, inaatake at pagkatapos ay sinisiraan ang mga ito, at sa huli ay hinahamak sila bilang masama, at nagiging sanhi upang tanggihan sila ng lahat. Hindi ba masama ang ganoong mga tao? Masama at dapat na maparusahan ang sinuman sa iglesia na napopoot sa mabubuting tao na nagtataguyod sa katotohanan. Iyon ay dahil ang mga mabubuting taong ito na nagtataguyod sa katotohanan ay mga kasangkapan ng gawain ng pagliligtas ng Diyos, sila ay nasa ilalim ng pangangalaga ng Diyos, at sila ang mga taong tiyak na iniingatan ng Diyos; napopoot sa Diyos at sa gawain ng Diyos ang sinumang napopoot sa mga ganoong tao.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

135. Ang mga Prinsipyo ng Pakikitungo sa mga Taong may Iba't-ibang Mapagmataas na Disposisyon

(1) Hangga't tunay silang nananampalataya sa Diyos, dapat na tulungan ng may pagmamahal ang mga hindi masasamang mapagmataas na tao sa kabila ng kanilang mga mapagmataas na disposisyon. Dapat silang mapasimulan sa tamang landas ng pananampalataya sa Diyos.

(2) Dapat na itaas ang katungkulan at linangin ang mga taong may mapagmataas na disposisyon ngunit kayang tanggapin ang katotohanan, at bukod pa rito ay may mabuting kakayahan at may mga kaloob. Hinding-hindi dapat sila ihiwalay;

(3) Dapat na itiwalag ang mga baliw na kabilang sa mga anticristo, na sukdulan ang pagmamataas at wala ni katiting na katinuan, at ang mga mapilit sa kanilang mga pangarap at sari-sari ang ginagawang kasamaan;

(4) Dapat na patalsikin o itiwalag ang mga mapagmataas na likong tao, ang mga sukdulan ang kahangalan, at ang mga mahigpit na pinipilit ang mga kamalian, sinasalungat ang katotohanan, at hindi nagpapasakop kanino man.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Pagmamataas ang ugat ng tiwaling disposisyon ng tao. Kapag mas mayabang ang mga tao, mas malamang na lumaban sila sa Diyos. Gaano kaseryoso ang problemang ito? Hindi lang isinasaalang-alang ng mga taong mayabang ang mga disposisyon ang lahat ng iba pa na mas mababa kaysa kanila, kundi, ang pinakamasama, hinahamak pa nila ang Diyos. Bagama't, sa tingin, maaaring mukhang naniniwala sa Diyos ang ilang tao at sinusunod Siya, ni hindi nila Siya itinuturing na Diyos. Pakiramdam nila palagi ay taglay nila ang katotohanan at napakataas ng tingin nila sa kanilang sarili. Ito ang diwa at ugat ng mayabang na disposisyon, at nagmumula ito kay Satanas. Kaya, kailangang malutas ang problema ng kayabangan. Ang pakiramdam na mas magaling ka kaysa iba—walang kuwenta iyan. Ang kritikal na isyu ay na nakakapigil sa isang tao ang kanyang mayabang na disposisyon na magpasakop sa Diyos, sa Kanyang kapamahalaan, at sa Kanyang mga pagsasaayos; laging nadarama ng

ganitong tao na makipagpaligsahan sa Diyos na magkaroon ng kapangyarihan sa iba. Ang ganitong klaseng tao ay walang pagpipitagan sa Diyos ni katiting, ni hindi niya mahal ang Diyos o nagpapasakop sa Kanya. Ang mga taong mayayabang at palalo, lalo na iyong mga nawalan na ng katinuan sa sobrang yabang, ay hindi kayang magpasakop sa Diyos sa kanilang paniniwala sa Kanya, at pinaparangalan pa nila at nagpapatotoo sa kanilang sarili. Ang gayong mga tao ang pinakalumalaban sa Diyos. Kung nais ng mga taong umabot sa kung saan nagpipitagan sila sa Diyos, kailangan muna nilang lutasin ang mayayabang nilang disposisyon. Habang mas ganap mong nilulutas ang mayabang mong disposisyon, mas magpipitagan ka sa Diyos, at saka ka lang makakapagpasakop sa Kanya at magagawang makamit ang katotohanan at kilalanin Siya.

Hinango mula sa Pagbabahagi ng Diyos

Dahil ginawang tiwali ni Satanas ang sangkatauhan, nagsimulang magbago ang kanilang kalikasan at unti-unting nawala ang kanilang pangangatwiran na taglay ng mga pangkaraniwang tao. Hindi na sila kumikilos bilang mga tao sa kalagayan ng tao; bagkus, nais nilang lagpasan ang katayuan ng tao, at ninanasa nila ang bagay na mas mataas at higit na dakila. At ano itong bagay na mas mataas? Nais nilang lagpasan ang Diyos, lagpasan ang mga kalangitan, at lagpasan ang lahat ng iba pa. Ano ang ugat kung bakit naging ganito ang mga tao? Pagkatapos ng lahat, labis na mapagmataas ang likas ng tao. Kapag naging mayabang ang kalikasan at diwa ng mga tao, nagkakaroon sila ng kakayahang gawin ang mga bagay na sumusuway at lumalaban sa Diyos, mga bagay na hindi umaayon sa Kanyang mga salita, mga bagay na bumubuo ng mga pagkaintindi tungkol sa Kanya, mga bagay na naghihimagsik laban sa Kanya, at mga bagay na dumadakila at nagpapatotoo sa kanilang sarili. Sinasabi mo na hindi ka mayabang, ngunit ipagpalagay nang binigyan ka ng ilang iglesia at tinulutan kang pamunuan ang mga ito; ipagpalagay nang hindi Kita pinakitunguhan, at na wala ni isa sa pamilya ng Diyos ang

tumabas sa iyo: Matapos mo silang pamunuan sandali, aakayin mo sila sa iyong mga paa at pasusunurin sila sa iyo. At bakit mo gagawin iyan? Ito ay natutukoy sa iyong kalikasan; ito ay walang iba kundi isang likas na paghahayag. Hindi mo kailangang magpakahirap para malaman ito, ni hindi mo kailangang magpaturo sa iba. Hindi mo kailangang gawin ang lahat ng ito nang sadya. Likas na nangyayari sa iyo ang ganitong klaseng sitwasyon: Hinihikayat mo ang mga tao na magpasakop sa iyo, sambahin ka, dakilain ka, magpatotoo tungkol sa iyo, at makinig sa iyo sa lahat ng bagay, at hindi mo sila tinutulutang gumawa ng anuman nang walang pahintulot mo. Sa ilalim ng iyong pamumuno, likas na nangyayari ang gayong mga sitwasyon. At paano nangyayari ang ganitong mga sitwasyon? Natutukoy ang mga ito sa aroganteng kalikasan ng tao. Ang pagpapakita ng pagmamataas ay paghihimagsik at pagsalungat sa Diyos. Kapag ang mga tao'y mapagmataas, mapagpahalaga sa sarili, at mapagmalinis, malamang magtayo sila ng kani-kanyang mga nagsasariling kaharian at gawin ang anumang gusto nila. Inaakay din nila ang iba na magpakontrol sa kanila at magpasakop sa kanila. Kapag kayang gawin ng mga tao ang ganitong mga bagay, ang diwa ng kanilang pagmamataas ay yaong sa arkanghel. Kapag naaabot ng kanilang pagmamataas at pagpapahalaga sa sarili ang isang partikular na antas, samakatuwid naaalaman mula rito na sila ang arkanghel at isasantabi ang Diyos. Kung mayroon ka ng ganitong uri ng mapagmataas na disposisyon, kung gayon hindi magkakaroon ng lugar ang Diyos sa iyong puso.

Hinango mula sa "Likas na Kayabangan ng Tao ang Ugat ng Kanyang Pagkontra sa Diyos" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang mapagmataas at palalong mga kalikasan ninyo ang nagtutulak sa inyo na ipagkanulo ang sarili ninyong mga konsensya, na maghimagsik at lumaban kay Cristo, at upang ibunyag ang kapangitan ninyo, sa gayon inilalantad sa liwanag ang mga balak ninyo, mga kuro-kuro, mga kapalaluang pagnanais, at mga matang puno ng kasakiman. Gayunpaman patuloy kayong dumadaldal tungkol sa habambuhay ninyong silakbo ng

damdamin para sa gawain ni Cristo, at inuulit nang paulit-ulit ang mga katotohanang matagal nang sinabi ni Cristo. Ito ang “pananampalataya” ninyo—ang “pananampalataya ninyong walang karumihan.” Itinuring Ko ang tao sa mahigpit na pamantayan sa buong panahon. Kung may kaakibat na mga balak at kondisyon ang katapatan mo, mas nanaisin Ko pang wala ang tinatawag mong katapatan, sapagkat nasusuklam Ako sa mga nanlilinlang sa Akin sa pamamagitan ng kanilang mga balak at nangingikil sa Akin sa pamamagitan ng mga kondisyon. Hiling Ko lamang na maging lubos na tapat sa Akin ang tao, at gawin ang lahat ng bagay para sa kapakanan ng—at para patunayan ang—isang salita: pananampalataya. Kinamumuhian Ko ang paggamit mo ng matamis na mga pananalita upang subukang pasayahin Ako, sapagkat palagi Ko kayong pinakitunguhan nang may katapatan, at kaya ninanais Ko ring pakitunguhan ninyo Ako nang may totoong pananampalataya. Pagdating sa pananampalataya, maaaring naniniwala ang marami na sumusunod sila sa Diyos sapagkat may pananampalataya sila, kundi ay hindi magtitiis sa gayong paghihirap. Kaya tinatanong Ko sa iyo ito: Kung naniniwala ka sa pag-iral ng Diyos, bakit hindi mo Siya iginagalang? Kung naniniwala ka sa pag-iral ng Diyos, bakit wala ka ni katiting na takot sa Kanya sa puso mo? Tinatanggap mong si Cristo ang nagkatawang-taong Diyos, ngunit bakit hinahamak mo Siya? Bakit ka umaasal sa Kanya nang may kalapastanganan? Bakit lantaran mo Siyang hinahatulan? Bakit palagi mong minamanmanan ang Kanyang mga pagkilos? Bakit hindi ka nagpapasakop sa Kanyang mga pagsasaayos? Bakit hindi ka kumikilos nang naaayon sa Kanyang salita? Bakit mo sinusubukang kikilan at pagnakawan Siya ng mga alay para sa Kanya? Bakit ka nagsasalita mula sa kinatatayuan ni Cristo? Bakit mo hinuhusgahan kung tama ang gawain Niya o ang salita Niya? Bakit ka nangangahas na lapastanganin Siya sa Kanyang likuran? Ang mga ito ba at ang iba pa ang bumubuo sa pananampalataya ninyo?

Hinango mula sa “Isa Ka bang Tunay na Mananampalataya sa Diyos?” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Yamang naniniwala ka sa Diyos, dapat kang manampalataya sa lahat ng mga salita ng Diyos at sa lahat ng gawain Niya. Na ibig sabihin, yamang naniniwala ka sa Diyos, dapat kang sumunod sa Kanya. Kung hindi mo kayang gawin ito, hindi mahalaga kung naniniwala ka o hindi sa Diyos. Kung naniniwala ka sa Diyos sa loob ng maraming taon, subalit hindi Siya kailanman sinunod, at hindi tinatanggap ang kabuuan ng mga salita Niya, at sa halip hinihingi sa Diyos na magpasakop Siya sa iyo at kumilos ayon sa mga kuro-kuro mo, ikaw ang pinakamapanghimagsik sa lahat, isa kang hindi mananampalataya. Paanong makasusunod ang ganitong mga tao sa gawain at mga salita ng Diyos na hindi umaayon sa mga kuro-kuro ng tao? Ang pinakamapanghimagsik sa lahat ay yaong mga sinasadyang lumabag at lumaban sa Diyos. Sila ang mga kaaway ng Diyos, ang mga anticristo. Ang sa kanila ay palaging pag-uugali ng poot sa bagong gawain ng Diyos; hindi sila kailanman nagkaroon ng ni katiting na kagustuhang magpasakop, ni hindi sila kailanman nagalak na magpasakop o magpakumbaba ng sarili nila. Dinadakila nila ang mga sarili nila bago ang iba at hindi kailanman nagpapasakop sa sinuman. Sa harap ng Diyos, itinuturing nila ang mga sarili nilang pinakamahusay sa pangangaral ng salita, at ang pinakabihasa sa paggawa sa iba. Hindi nila kailanman itinatapon ang mga “kayamanang” nasa pag-aari nila, kundi itinuturing sila bilang mga pamana ng pamilya para sambahin, para ipangaral sa iba ang tungkol dito, at ginagamit nila ang mga ito para magsermon sa yaong mga hangal na iniidolo sila. Tunay ngang may ilang taong tulad nito sa loob ng iglesia. Masasabing sila ay mga “hindi palulupig na mga bayani,” na bawat salinlahi ay pansamantalang nananahan sa tahanan ng Diyos. Ipinapalagay nila ang pangangaral ng salita (doktrina) bilang pinakamataas nilang tungkulin. Bawat taon, bawat salinlahi, masigasig nilang ipinatutupad ang “sagrado at hindi malalabag” na tungkulin nila. Walang nangangahas na salingin sila; wala kahit isang tao ang nangangahas na lantarang sawayin sila. Nagiging “mga hari” sila sa tahanan ng Diyos, nagwawala habang sinisiil nila ang iba sa bawat kapanahunan. Naghahangad ang pangkat ng mga demonyong ito na makipagsanib at gibain ang gawain Ko; paano Ko mapahihintulutang

umiral ang mga buhay na diyablong ito sa harap ng mga mata Ko? Kahit yaong mga kalahating masunurin lamang ay hindi makapagpapatuloy hanggang sa katapusan, lalong hindi itong mga maniniil na wala ni katiting na pagsunod sa mga puso nila! Hindi madaling makakamit ng tao ang gawain ng Diyos. Kahit na ginagamit ang lahat ng lakas na mayroon sila, kaunting bahagi lamang nito ang makakamit ng mga tao, na sa huli mapahihintulutan silang magawang perpekto. Ano, kung gayon, ang para sa mga anak ng arkanghel, na naghahangad na wasakin ang gawain ng Diyos? Wala ba silang mas maliit na pag-asang makamit ng Diyos?

Hinango mula sa "Yaong mga Sumusunod sa Diyos Nang may Tunay na Puso ay Tiyak na Makakamit ng Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Hindi ba maraming taong kumokontra sa Diyos at humahadlang sa gawain ng Banal na Espiritu dahil hindi nila alam ang iba't iba at malawak na gawain ng Diyos, at, bukod pa riyan, dahil napakaliit ng taglay nilang kaalaman at doktrina para sukatin ang gawain ng Banal na Espiritu? Bagama't mababaw ang mga karanasan ng gayong mga tao, mayabang at likas silang mapagpalayaw at hinahamak nila ang gawain ng Banal na Espiritu, binabalewala ang mga pagdidisiplina ng Banal na Espiritu at, bukod pa riyan, ginagamit nila ang kanilang mga walang-kuwentang lumang argumento upang "pagtibayin" ang gawain ng Banal na Espiritu. Nagkukunwari din sila, at lubos na kumbinsido sa sarili nilang natutuhan at kaalaman, at kumbinsido na nakakapaglakbay sila sa buong mundo. Hindi ba kinasusuklaman at inaayawan ng Banal na Espiritu ang gayong mga tao, at hindi ba sila aalisin pagsapit ng bagong kapanahunan? Hindi ba mga hamak na taong mangmang at kulang sa kaalaman yaong mga humaharap sa Diyos at lantaran Siyang kinokontra, na nagpapakita lamang kung gaano sila katalino? Sa taglay nilang kaunting kaalaman tungkol sa Biblia, sinisikap nilang sakupin ang "akademya" ng mundo; taglay ang isang mababaw na doktrina para turuan ang mga tao, sinusubukan nilang baligtarin ang gawain ng Banal na Espiritu at tinatangkang paikutin ito sa sarili nilang proseso ng pag-iisip. Dahil hindi nila alam ang mangyayari,

sinusubukan nilang masdan sa isang sulyap ang 6,000 taon ng gawain ng Diyos. Walang anumang katinuan ang mga taong ito na dapat banggitin! Sa katunayan, kapag mas maraming kaalaman ang mga tao tungkol sa Diyos, mas mabagal silang manghusga sa Kanyang gawain. Bukod pa riyan, katiting lamang ang binabanggit nilang kaalaman nila tungkol sa gawain ng Diyos ngayon, ngunit hindi sila padalus-dalos sa kanilang mga paghusga. Kapag mas kakaunti ang alam ng mga tao tungkol sa Diyos, mas mayabang sila at labis ang tiwala nila sa sarili at mas walang-pakundangan nilang ipinapahayag ang katauhan ng Diyos—subalit ang binabanggit nila ay teorya lamang, at wala silang ibinibigay na tunay na katibayan. Walang anumang halaga ang gayong mga tao. Yaong mga itinuturing na laro ang gawain ng Banal na Espiritu ay mga bobo! Yaong mga hindi maingat kapag nakakatagpo sila ng bagong gawain ng Banal na Espiritu, na walang-tigil magsalita, mabilis humusga, malayang hinahayaan ang kanilang likas na pakiramdam na tanggihan ang pagiging tama ng gawain ng Banal na Espiritu, at iniinsulto at nilalapastangan din ito—hindi ba mangmang ang gayon kawalang-galang ng mga tao ba tungkol sa gawain ng Banal na Espiritu? Bukod pa riyan, hindi ba sila mga taong mayayabang, likas na mapagmataas at pasaway? Kahit dumating ang araw na tanggapin ng gayong mga tao ang bagong gawain ng Banal na Espiritu, hindi pa rin sila palalampasin ng Diyos. Hindi lamang nila hinahamak yaong mga gumagawa para sa Diyos, kundi nilalapastangan din nila ang Diyos Mismo. Ang gayong pangahas na mga tao ay hindi patatawarin, sa kapanahunang ito man o sa darating na kapanahunan, at mapapahamak sila sa impiyerno magpakailanman! Ang gayong walang-galang at maluhong mga tao ay nagkukunwaring naniniwala sa Diyos, at kapag mas maraming taong ganito, mas malamang na suwayin nila ang mga atas administratibo ng Diyos. Hindi ba tumatahak sa landas na ito ang lahat ng mayabang na talagang hindi mapigil, at hindi pa sumunod kahit kanino kailanman? Hindi ba nila kinokontra ang Diyos bawat araw, ang Diyos na laging bago at hindi kailanman luma?

Hinango mula sa “Pag-alam sa Tatlong Yugto ng Gawain ng Diyos ang Landas tungo sa

Dapat ninyong malaman na kinokontra ninyo ang gawain ng Diyos, o ginagamit ninyo ang inyong sariling mga palagay upang sukatin ang gawain ngayon, dahil hindi ninyo alam ang mga prinsipyo ng gawain ng Diyos, at dahil hindi ninyo sineseryoso nang sapat ang gawain ng Banal na Espiritu. Ang inyong pagkontra sa Diyos at paghadlang sa gawain ng Banal na Espiritu ay sanhi ng inyong mga palagay at likas na kayabangan. Hindi ito dahil mali ang gawain ng Diyos, kundi dahil masyado kayong likas na masuwayin. Matapos masumpungan ang kanilang paniniwala sa Diyos, hindi man lamang masabi ng ilang tao nang may katiyakan kung saan nanggaling ang tao, subalit nangangahas silang magtalumpati sa publiko na sumusukat sa mga tama at mali sa gawain ng Banal na Espiritu. Sinesermunan pa nila ang mga apostol na mayroong bagong gawain ng Banal na Espiritu, na nagkokomento at nagsasalita nang wala sa lugar; napakababa ng kanilang pagkatao, at wala ni katiting na katinuan sa kanila. Hindi ba darating ang araw na itatakwil ng gawain ng Banal na Espiritu ang gayong mga tao, at susunugin ng mga apoy ng impiyerno? Hindi nila alam ang gawain ng Diyos, kundi sa halip ay pinipintasan ang Kanyang gawain, at sinusubukan ding turuan ang Diyos kung paano gumawa. Paano makikilala ng gayong mga taong wala sa katwiran ang Diyos? Nakikilala ng tao ang Diyos habang naghahanap at nagdaranas; hindi nakikilala ng tao ang Diyos sa pamamagitan ng kaliwanagan ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng pamimintas ayon sa gusto niya. Kapag mas tumpak ang kaalaman ng mga tao tungkol sa Diyos, mas hindi nila Siya kinokontra. Sa kabilang dako, kapag mas kakaunti ang alam ng tao tungkol sa Diyos, mas malamang na kontrahin nila Siya. Ang iyong mga palagay, ang dati mong likas na pagkatao, at ang iyong pagkatao, ugali at moral na pananaw ang “puhunan” na ipinanlalaban mo sa Diyos, at kapag ikaw ay naging mas tiwali, hamak at mababa, mas kaaway ka ng Diyos. Yaong mga nagtataglay ng matitinding palagay at may mapagmagaling na disposisyon ay mas lalo pang kinapopootan ng Diyos na nagkatawang-tao;

ang gayong mga tao ang mga anticristo.

Hinango mula sa “Pag-alam sa Tatlong Yugto ng Gawain ng Diyos ang Landas tungo sa Pagkilala sa Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Ang mga taong nagtataguyod sa katotohanan ay tiyak na mga taong tunay na nananampalataya sa Diyos at umiibig sa katotohanan. Kahit na ang tiwaling sangkatauhan ay may mga satanikong disposisyon tulad ng pagiging mapagmataas, palalo, mapagpahalaga-sa-sarili, mapagmagaling at matigas ang ulo, sila ay tiyak pa ring mga tagapagtaguyod ng katotohanan hangga’t tinatanggap at isinasagawa ng mga ito ang katotohanan, at sumusunod sa paghatol at pagkastigo ng Diyos. May dalawang uri ng mga taong nagtataguyod sa katotohanan: Ang una ay ang taong may mas mabuting pagkatao ngunit may mas mahinang kakayahan at mas mabagal na pagkaunawa sa katotohanan. Sila ay may mahinang kakayahan at hindi nakakahawak ng mga mahahalagang gawain, at madalas na wala silang gaanong nagagawa sa kanilang tungkulin sa kabila ng higit na pakikinig at pagsunod. Ang isa pang uri ay may mas mabuting kakayahan ngunit mas mapagmataas at mapagpamagaling at sa kabuuan ay hindi nakikinig sa iba. Hindi sila nakukumbinsi kung ang sinasabi ng iba ay hindi lubos na alinsunod sa katotohanan, at kung ang ginagawa nila ay hindi higit na mahusay kaysa sa mga bagay na ginagawa ng mga ordinaryong tao. Kahit na ang ganitong uri ng tao ay mas mapagmataas at mapagmagaling, mas mabilis nilang nauunawaan ang katotohanan, at mas mahusay silang nakakaganap sa kanilang tungkulin dahil mayroon silang mabuting kakayahan. Alin sa dalawang uri ng mga taong ito ang mas madaling magagawang perpekto? Alin ang angkop para gamitin ng Diyos pagkatapos siyang gawing perpekto? Kahit na kayang makamit ng lahat ng mga naghahangad sa katotohanan ang kaligtasan, iba-iba ang kanilang halaga pagkatapos na gawing perpekto dahil iba-iba rin ang kanilang mga kakayahan. Ang totoo, lahat ng tiwaling sangkatauhan ay mayroong mapagmataas na disposisyon, ngunit may iba’t ibang uri ng pagmamataas:

Iniibig at itinataguyod ng ilang tao ang katotohanan sa kabila ng pagiging lubhang mapagmataas at matatanggap at masusunod ang isang bagay hangga't ito ay alinsunod sa katotohanan. Tatanggi silang pakinggan ito kung hindi ito sumusunod sa katotohanan. Lubos na makatuwiran, may saysay at normal ang ganitong uri ng pagmamataas. May uri rin ng pagmamataas na walang katuturan at walang saysay. Ang ganoong mga tao ay kakila-kilabot, walang dudang mapagmataas at hindi nakikinig kanino man. Gaano man naaayon sa katotohanan ang sinasabi ng ibang tao, hindi nila ito tatanggapin o susundin, at maaari pa ngang tumutol sila ng mahigpit. Lubos nilang kinamumuhian ang mga taong mayroong katotohanan at kinamumuhian ang mga taong tinatrato sila alinsunod sa katotohanan. Ang ganitong uri ng pagmamataas ay disposisyon ni Satanas ang diyablo. Katulad ng malaking pulang dragon, alam ng ganitong uri ng tao na ang Diyos ay ang katotohanan ngunit hindi nakikinig, at nais pa ngang magkaroon ng kapantay na katatayuan sa Diyos. Ganitong uri ng satanikong diyablo ang lahat ng mga anticristo, hindi na maarok ang kanilang lubos na pagmamataas. Ang mga ganoong diyablo ay wala ng pag-asang maligtas. Mayroon ding isa pang uri ng pagmamataas kung saan walang sinumang pinapakinggan ang mga tao at napakahangal. Sila ay hangal at matigas din ang ulo. Nagmamatigas nilang ipinapahayag ang kanilang hangal na pangangatwiran at sinasalungat ang katotohanan. Ang mga taong ito ay hindi pa rin nakikinig gaano man kalinawanag o kalinaw ang pagbabahagi ng iba tungkol sa katotohanan, o gaano man karami ang mga katunayang itinatala nila, ngunit patuloy sa paggamit ng panlilinlang at pagbubuga ng kanilang hangal at maling pangangatwiran. Ang ganitong uri ng mapagmataas na disposisyon ay may kalikasan ng mga masasamang espiritu. Ang ganitong uri ng tao ay lalong higit na katulad ni Satanas ang diyablo. Pareho silang mga anticristo at masasamang espiritu, at ang mga pinakamapanganib na kaaway. Ito ang tatlong pangunahing uri ng pagmamataas at kapalaluan. Lubos na karaniwan at normal ang may katuturang pagmamataas. Lahat ng tiwaling sangkatauhan ay may mapagmataas na disposisyon. Ito ay isang katotohanan. Lahat ng may

mahusay na kakayahan at talento ay tiyak na lubhang mapagmataas at mapagmagaling; tiyak na walang sinuman ang hindi mapagmataas. Gayunpaman, gaano man mapagmataas at mapagmagaling ang mga tao, sila ay mabubuting tao hangga't sila ay may mabuting puso, may konsiyensiya at katinuan, at hindi sinasaktan o nililinlang ang iba at kayang tanggapin ang katotohanan. Gaano man mapagmataas at mapagmagaling ang mga tao, sila ay maaaring ganap na maligtas at maging perpekto hangga't mayroon silang mabuting kakayahan at itinataguyod ang katotohanan. Hindi nila mauunawaan ang katotohanan at hindi maaaring maging perpekto kung lubhang mahina ang kakayahan ng isang tao, sapagkat ang mga taong ginagawang perpekto ng Diyos ay ang mga nagtataguyod sa katotohanan at may taglay na partikular na kakayahan. Walang gayong tao na maganda ang kakayahan, at mayroong paninindigan at hindi man lamang mayabang at mapagmagaling; kung nagkaroon, tiyak na iyon ay isa na nagkukunwari o isang huwad na panlabas na hitsura. Kailangang malaman ng isang tao na ang buong tiwaling sangkatauhan ay may mayabang at palalong kalikasan. Hindi maikakaila ang katunayang ito. Madaling naitatama ang pagmamataas at pagmamagaling ng mga tao. Ang kanilang pagmamataas ay natural na naitatama kapag makailang beses na dinidisiplina ng Diyos ang tao upang sumailalim sa ilang mga kabiguan at mga pagbagsak, at nauunawaan na nilang lubos ang katotohanan at nakikilala ang kanilang sariling kalikasang diwa. Ngunit hindi ito posibleng ayusin kung ang katutubong kakayahan ng mga tao ay lubhang mahina o kung sila ay lubos na hangal. Kaya dapat na makilala ng isang tao ang pagmamataas ng mga tao at pakiharapan ito ng tama. Hindi dapat gumawa ng palagay ang mga hinirang na tao ng Diyos na ang isang tao ay hindi maliligtas at magiging perpekto dahil sila ay lubhang mapagmataas at mapagmagaling. Ang mga kundisyon para sa paggawang perpekto ng Diyos sa mga tao ay una sa lahat, na ang tao ay may mabuting kakayahan at hinahangad ang katotohanan. Kung hindi maganda ang kakayahan ng isang tao at palaging hindi nila nauunawaan ang katotohanan, kahit labis na mapagkumbaba ang kanilang disposisyon

at hindi man lang sila mayabang, wala silang silbi at hindi nararapat na gawing perpekto. Sa puntong ito, kailangang maunawaan ng isang tao ang kalooban ng Diyos.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Iba-iba rin ang uri ng mga taong may mapagmataas na disposisyon. Matagal na panahong hindi nanampalataya sa Diyos ang ilang tao, hindi tunay na naranasan ang gawain ng Diyos, at hindi nauunawaan ang katotohanan, kaya hindi maiiwasan na magkakaroon sila ng mga palagay tungkol sa Diyos, magkaroon ng mapagmataas na disposisyon, maging mapagpahalaga-sa-sarili at mapagmagaling, maghangad na magkaroon ng katayuan, at nais na magpasikat—ito ay normal. Walang hindi kabilang sa patakarang ito ng sangkatauhang ginawang tiwali ni Satanas. Ganap na pinaglaho ng pagmamataas ng mga huwad na Cristo at mga anticristo ang kanilang mga konsiyensiya at katinuan at iyon ang kaibahan nila mula sa mga ordinaryong tiwaling tao; mayroon silang napakatinding pagmamataas at walang katapusang hangarin, hindi nagpapasakop kanino man, hindi nila mapigilan ang kanilang mga sarili, at kaya nilang gawin ang lahat upang matupad ang kanilang mga layunin. Halimbawa, maaari nilang ipahayag na sila ang Diyos o ang Cristo, o ipahayag na sila ang taong kinasangkapan ng Banal na Espiritu, at magsasabi ng mga kahibangang tulad ng tanging sila lang ang makapagpapahayag ng katotohanan, at ililigtas at gagawing perpekto ang mga tao, at aakayin ang mga tao papasok sa kaharian. Wala talaga silang kahihiyan at napakahangal! Hindi ba ito ang pinakamalalang pagmamataas? Ito ay isang kaso ng paglobong maigi ng satanikong kalikasan sa puntong marahas na itong pumuputok at nagiging imposibleng pigilin! Kaya, ang mga pinapakita ng mga huwad na Cristo at mga anticristo ay ganap na iba mula sa pinapakita ng mga ordinaryong tao. Hindi masasamang bagay ang magkaroon ng mga palagay, ang maging mapagmataas at ang mahalin ang katayuan; ang mahalagang tanong ay kung itinataguyod ba ng isang tao ang katotohanan at tinatanggap ang

paghatol at pagkastigo ng mga salita ng Diyos at ang pagtatabas at pakikipagharap sa kanya ng bahay ng Diyos. Tiyak na may pag-asang maligtas ng Diyos ang mga tao kung kaya nilang tanggapin ang mga bagay na ito. Hindi nagagambala o nawawasak ng mga normal na paghahayag ng katiwalian ang gawain ng bahay ng Diyos, ngunit ang lahat ng ginagawa ng mga huwad na Cristo at mga anticristo ay panlilinlang sa mga tao upang mapaalis sila sa totoong landas. Pinasusuko nila ang mga tao sa pagbabasa ng mga salita ng Diyos at sa halip ay makinig sa kung ano ang sinasabi nila at iwan si Cristo at sa halip ay sundan sila. Hindi nila pinapayagang sumamba sa Diyos ang mga tao, sa halip ay inuutusan ang mga taong idolohin sila. Ito ay pagtatangkang gambalain at wasakin ang gawain ng Diyos. Ito ay tusong pakana at pagkilos ni Satanas. Samakatuwid, mga huwad na Cristo at mga anticristo ang lahat ng nagpapalaganap at nagpapakalat ng mga kamalain at mga haka-haka ng tao, humuhusga sa gawain ng Diyos, at sinisiraang-puri ang taong kinasangkapan ng Banal na Espiritu at ang kanyang gawain. Sila ay mga tagasunod ni Satanas na dumating upang guluhin ang gawain ng Diyos, mga puwersa ng kalaban ng Diyos na sumasalungat kay Cristo. Kaya nga dapat na itiwalag mula sa iglesia ang mga huwad na Cristo at mga anticristo at hinding-hindi na dapat bigyan ng anumang pagkakataon sa pag-asang magsisisi sila. Ito ay dahil sila ay naging mga puwersa na ng kalaban ng Diyos katulad ng malaking pulang dragon, at ganap nang mga kalaban ng Diyos; matagal nang itinigil ng Banal na Espiritu ang gawain sa kanila, at walang anumang mga payo ang makakatulong sa kanila, at napakarami na nilang nagawang kasamaan na imposible nang iligtas sila. Tanging kapag ipinataw na ang kaparusahan sa kanila saka lang magmamakaawa ang mga taong ito sa Diyos para sa kapatawaran at titigil sa paggawa ng masama, ngunit ang kanilang satanikong kalikasan ay hindi kailanman mababago. Dapat na nalalaman ng mga hinirang na tao ng Diyos na walang paggalang sa Diyos si Satanas, mayroon lang pagkatakot, at ang mga masasamang taong iyon na nabibilang kay Satanas ay hindi lamang walang paggalang sa Diyos, bagkus ay hindi rin natatakot sa

Diyos, sapagkat hindi pa naipapataw sa kanila ang kaparusahan. Ang magagawa ngayon ng bahay ng Diyos ay itiwalag ang mga taong ito, at sa ganitong paraan ay malutas ang kanilang mga satanikong gawain.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

136. Ang mga Prinsipyo ng Pakikitungo sa mga Taong Nalantad at Inalis

(1) Dapat na talikuran ang mga di-mananampalataya at mga huwad na mananampalataya na hindi nakatupad ng kanilang tungkulin o hindi nagtaguyod sa katotohanan sa loob ng maraming taon ng pananampalataya sa Diyos;

(2) Hindi dapat tuluyang itakwil ang mga taong tapat na nakapaglilingkod ngunit nakapaghayag ng katiwalian at gumawa ng mga paglabag. Dapat silang pakitunguhan ng may pag-ibig at bigyan ng pagkakataong makapagsisi.

(3) Maaaring hindi patalsikin ang mga taong kusang-loob na naglilingkod ngunit hindi nagtataguyod sa katotohanan hangga't hindi sila gumagawa ng masasama o nagdudulot ng mga pagkagambala, kahit na ginagampanan nila ang mga tungkulin ng walang prinsipyo.

(4) Dapat na patalsikin o itiwalag ang mga taong hindi kusang-loob na naglilingkod at may kakayahang madalas na gumawa ng masama, at ang mga gumagawa ng kasamaan sa iglesia.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ngayon ang panahon na tinutukoy Ko ang katapusan ng bawat tao, hindi ang yugto na sinimulan Kong hubugin ang tao. Isinusulat Ko sa Aking talaang aklat, isa-isa, ang mga salita at kilos ng bawat tao, ang kanyang piniling landas sa pagsunod sa Akin, ang kanyang likas na mga katangian, at kung paano sila umasal sa dakong huli. Sa ganitong paraan, anumang uri ng tao sila, walang sinumang makatatakas sa kamay Ko, at ang lahat ay makakasama ng kanilang kauri ayon sa itinalaga Ko. Pinagpapasyahan Ko

ang hantungan ng bawat tao hindi batay sa gulang, katandaan, tindi ng pagdurusa, at lalong hindi batay sa kung gaano siya kaawa-awa, kundi batay sa kung angkin niya ang katotohanan. Wala nang ibang pagpipilian kundi ito. Dapat ninyong matanto na parurusahan din ang lahat ng hindi sumusunod sa kalooban ng Diyos. Ito ay isang di-nababagong katotohanan. Samakatuwid, lahat ng pinarurusahan ay pinarurusahan nang gayon para sa katuwiran ng Diyos at bilang ganti sa kanilang maraming masasamang gawa.

Hinango mula sa “Maghanda ng Sapat na Mabubuting Gawa para sa Iyong Hantungan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Bago pumasok sa pamamahinga ang sangkatauhan, matutukoy kung parurusahan ba o gagantimpalaan ang bawat uri ng tao ayon sa kung hinangad ba nila ang katotohanan, kung kilala ba nila ang Diyos, at kung maaari ba silang magpasakop sa nakikitang Diyos. Salat sa katotohanan yaong mga nagsagawa ng paglilingkod sa nakikitang Diyos, subalit hindi Siya nakikilala o nagpapasakop sa Kanya. Tagagawa ng kasamaan ang gayong mga tao, at walang alinlangang magiging mga pakay ng kaparusahan ang mga tagagawa ng kasamaan; higit pa rito, parurusahan sila ayon sa kanilang buktot na pag-uugali. Ang Diyos ay para sa mga tao na paniwalaan, at karapat-dapat din Siya sa kanilang pagtalima. Ang mga taong hindi naniniwala sa Diyos at hindi nagagawang magpasakop sa Diyos ay yaong mga may pananampalataya lamang sa malabo at di-nakikitang Diyos. Kung hindi pa rin magagawang maniwala ng mga taong ito sa nakikitang Diyos sa oras na natapos ang gawain Niya ng panlulupig, at magpapatuloy sa pagiging masuwayin at lumalaban sa Diyos na nakikita sa katawang-tao, walang alinlangan na itong “mga tagasunod ng malabong Diyos” na ito, sa huli, ay magiging mga pakay ng pagwasak. Katulad din ito ng ilan sa inyo—sinumang kumikilala sa salita sa Diyos na nagkatawang-tao, ngunit hindi maisagawa ang katotohanan ng pagpapasakop sa Diyos na nagkatawang-tao, sa huli ay magiging pakay ng pag-aalis at pagwasak. Bukod dito, sinuman ang pasalitang kumikilala sa nakikitang Diyos,

kumakain at umiinom ng katotohanang ipinapahayag Niya habang hinahangad din ang malabo at di-nakikitang Diyos, ay higit sa malamang na wawasakin sa hinaharap. Wala sa mga taong ito ang magagawang manatili hanggang sa oras ng pamamahinga na darating makaraang natapos na ang gawain ng Diyos, o makakaya ng isang tao na katulad ng gayong mga tao na manatili sa oras na iyon ng pamamahinga. Ang malademonyong mga tao ay yaong mga hindi isinasagawa ang katotohanan; paglaban at pagsuway sa Diyos ang diwa nila, at wala silang bahagya mang layon na magpasakop sa Kanya. Wawasakin ang lahat ng gayong tao. Nakasalalay sa iyong diwa, hindi sa iyong kaanyuan o kung paano ka magsalita o umasal paminsan-minsan, kung taglay mo ang katotohanan o kung lumalaban ka sa Diyos. Natutukoy sa diwa ng tao kung siya ba ay wawasakin o hindi; pinagpapasyahan ito ayon sa diwang inihahayag ng asal ng isang tao at ang pagtataguyod ng isang tao sa katotohanan. Sa mga taong magkakatulad sa isa't isa sa kanilang gawain, at gumagawa ng magkakasingdaming gawain, yaong mga mabubuti ang pantaong diwa at nagtataglay ng katotohanan ay ang mga taong tutulutang manatili, habang yaong masasama ang pantaong diwa at sumusuway sa nakikitang Diyos ay yaong mga magiging pakay ng pagkawasak. Ang lahat ng gawain o mga salita ng Diyos na kaugnay sa hantungan ng sangkatauhan ay angkop na iwawasto sa mga tao ayon sa diwa ng bawat isa; walang magaganap na bahagya mang kamalian, at walang magagawang isa mang pagkakamali. Tuwing gumagawa lamang ng gawain ang mga tao na nahahaluan ito ng damdamin at kahulugan. Pinakaangkop ang gawaing ginagawa ng Diyos; lubusan Siyang hindi naglalabas ng mga maling paratang laban sa sinumang nilalang. Maraming tao sa kasalukuyan ang hindi nagagawang mahiwatigan ang hantungan ng sangkatauhan sa hinaharap at hindi naniniwala sa mga salitang binibigkas Ko. Lahat ng yaong hindi naniniwala, gayundin ang mga hindi nagsasagawa ng katotohanan, ay mga demonyo!

Hinango mula sa "Papasok sa Pahinga ang Diyos at ang Tao Nang Magkasama" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Habang ginagawa ang gawain ng pagliligtas ng Diyos, bawat isang tao na maaaring iligtas ay ililigtas hangga't maaari, at walang isa man sa kanila ang itatapon, dahil ang layunin ng gawain ng Diyos ay iligtas ang tao. Lahat sila, sa panahon ng pagliligtas ng Diyos sa tao, na hindi nagagawang magkamit ng pagbabago sa kanilang disposisyon—pati na lahat ng hindi nagagawang lubos na magpasakop sa Diyos—ay magiging mga pakay ng kaparusahan. Ang yugtong ito ng gawain—ang gawain ng mga salita—ay bubuksan sa mga tao ang lahat ng paraan at hiwaga na hindi nila nauunawaan, upang maunawaan nila ang kalooban at mga ipinagagawa ng Diyos sa kanila, at upang mapasakanila ang mga kinakailangan upang maisagawa ang mga salita ng Diyos at magkamit ng mga pagbabago sa kanilang disposisyon. Ang Diyos ay gumagamit lamang ng mga salita upang gawin ang Kanyang gawain at hindi pinarurusahan ang mga tao dahil sa pagiging medyo mapanghimagsik; ito ay dahil ngayon na ang panahon ng gawain ng pagliligtas. Kung parurusahan ang sinumang kumilos nang mapanghimagsik, walang sinumang magkakaroon ng pagkakataon na maligtas; lahat ay parurusahan at babagsak sa Hades. Ang layunin ng mga salita na humahatol sa tao ay upang tulutan silang makilala ang kanilang sarili at magpasakop sa Diyos; hindi ito para parusahan sila sa gayong paghatol. Sa panahon ng gawain ng mga salita, malalantad ang pagkasuwail at paglaban ng maraming tao, gayundin ang kanilang pagsuway sa Diyos na nagkatawang-tao. Gayunpaman, hindi Niya parurusahan ang lahat ng taong ito dahil dito, kundi sa halip ay itatakwil lamang yaong mga tiwali sa kaloob-looban at hindi maaaring iligtas. Ibibigay Niya ang kanilang laman kay Satanas, at sa ilang sitwasyon, wawakasan ang kanilang laman. Yaong mga natira ay patuloy na susunod at mararanasang pakitunguhan at tabasan. Kung, habang sumusunod, hindi pa rin kayang tanggapin ng mga taong ito na pakitunguhan at tabasan, at lalong sumama nang sumama, mawawalan sila ng pagkakataong maligtas. Bawat taong nagpasakop na sa paglupig ng mga salita ay magkakaroon ng sapat na pagkakataon para maligtas; ang pagliligtas ng Diyos sa bawat isa sa mga taong ito ay magpapakita ng

Kanyang lubhang kaluwagan. Sa madaling salita, pakikitaan sila ng lubos na pagpaparaya. Hangga't tumatalikod ang mga tao mula sa maling landas, at hangga't nakakapagsisi sila, bibigyan sila ng Diyos ng mga pagkakataong makamtan ang Kanyang pagliligtas. Sa unang pagsuway ng mga tao sa Diyos, wala Siyang hangad na patayin sila; sa halip, ginagawa Niya ang lahat upang iligtas sila. Kung wala talagang paraang mailigtas ang isang tao, itatakwil sila ng Diyos. Kaya mabagal ang Diyos sa pagparusa sa ilang tao ay dahil nais Niyang iligtas ang lahat ng maaaring mailigtas. Hinahatulan, nililiwanagan, at ginagabayan Niya ang mga tao sa pamamagitan ng mga salita lamang, at hindi Siya gumagamit ng pamalo para patayin sila. Ang paggamit ng mga salita upang iligtas ang mga tao ay ang layunin at kabuluhan ng huling yugto ng gawain.

Hinango mula sa "Dapat Mong Isantabi ang mga Pagpapala ng Katayuan at Unawain ang Kalooban ng Diyos na Maghatid ng Kaligtasan sa Tao" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Nagawa nang tiwali ni Satanas ang buong sangkatauhan, at ang kalikasan ng tao ay ang ipagkanulo ang Diyos. Gayunman, sa lahat ng taong nagawa nang tiwali ni Satanas, may ilang kayang magpasakop sa gawain ng Diyos at tumanggap sa katotohanan; sila yaong maaaring magtamo ng katotohanan at magkamit ng pagbabago ng disposisyon. Mayroon ding mga taong hindi nagtutuon sa paghahangad sa katotohanan. Nasisiyahan sila na maunawaan lamang ang mga doktrina; naririnig nila ang mabuting doktrina at sinusunod ito, at matapos itong maunawaan, nagagampanan nila ang kanilang mga tungkulin—nang bahagya. Ginagawa ng mga taong ito ang ipinagagawa sa kanila at mayroon silang mababang uri ng pagkatao. Handa sila, kahit paano, na gumugol, talikuran ang kamunduhan, at magtiis ng pagdurusa. Gayunman, hindi sila masugid hinggil sa katotohanan; naniniwala sila na sapat nang hindi sila nagkakasala, at hindi nila maunawaan kailanman ang pinakadiwa ng katotohanan. Kung magagawang manindigan ng mga taong iyon sa huli, maaari din silang mailigtas, ngunit hindi nila mababago ang kanilang

disposisyon.

Hinango mula sa “Paano Malalaman ang Kalikasan ng Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sa bansa ng malaking pulang dragon, nagawa Ko na ang isang yugto ng gawain na hindi maarok ng mga tao, na dahilan upang umindayog sila sa hangin, pagkatapos ay marami ang tahimik na natatangay ng ihip ng hangin. Totoo, ito ang “giikan” na malapit Ko nang linisin; ito ang kinasasabikan Ko at ito rin ang plano Ko. Sapagkat maraming masasamang nakapasok habang gumagawa Ako, ngunit hindi Ako nagmamadaling itaboy sila. Bagkus, ikakalat Ko sila pagdating ng tamang panahon. Pagkatapos lamang noon Ako magiging bukal ng buhay, na nagtutulot sa mga tunay na nagmamahal sa Akin na matanggap mula sa Akin ang bunga ng puno ng igos at ang halimuyak ng liryo. Sa lupain kung saan pansamantalang naninirahan si Satanas, ang lupain ng alikabok, walang nananatiling purong ginto, buhangin lamang, kaya nga, sa pagtugon sa mga sitwasyong ito, ginagawa Ko ang yugtong ito ng gawain. Dapat mong malaman na ang natatamo Ko ay puro at dalisay na ginto, hindi buhangin. Paano makakapanatili ang masasama sa Aking bahay? Paano Ko matutulutan ang mga soro na maging mga parasito sa Aking paraiso? Ginagamit Ko ang lahat ng maiisip na pamamaraan para itaboy ang mga ito. Bago mabunyag ang Aking kalooban, walang nakakaalam sa gagawin Ko. Para masamantala ang pagkakataong ito, itinataboy Ko yaong masasama, at napipilitan silang umalis sa Aking harapan.

Hinango mula sa “Dumadagundong ang Pitong Kulog—Nagpopropesiya na ang Ebanghelyo ng Kaharian ay Lalaganap sa Buong Sansinukob” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kahit paano man sila sinusubukan, ang katapatan ng mga taong nasa puso nila ang Diyos ay nananatiling hindi nagbabago; ngunit para sa mga taong walang Diyos sa kanilang puso, sa sandaling ang gawain ng Diyos ay hindi kapaki-pakinabang sa kanilang laman, binabago nila ang kanilang pananaw tungkol sa Diyos, at nililisan pa ang Diyos. Ganoon ang mga hindi maninindigan sa katapusan, na naghahanap lamang ng mga pagpapala ng

Diyos at walang pagnanais na gumugol ng kanilang mga sarili para sa Diyos at ialay ang kanilang mga sarili sa Kanya. Ang uring ito ng mga hamak na tao ay patatalsikin lahat kapag natapos na ang gawain ng Diyos, at hindi sila karapat-dapat sa kahit na anong awa. Yaong mga walang pagkatao ay walang kakayahang mahalin ang Diyos nang tunay. Kapag ang paligid ay tiwasay at ligtas, o may pakinabang na matatamo, sila ay lubusang masunurin sa Diyos, ngunit sa sandaling ang kanilang ninanais ay nalagay sa alanganin o hindi nila nakuha, ay agad silang naghihimagsik. Kahit na pagkatapos lamang ng isang gabi, maaari silang magbago mula sa isang nakangiti at "mabait" na tao tungo sa isang pangit at mabangis na mamamatay-tao, biglang itinuturing na mortal na kaaway ang kanilang tagapagpala kahapon nang walang pagkatugma o kadahilanan. Kung ang mga demonyong ito ay hindi napalayas, ang mga demonyong ito na papatay nang walang kurap, hindi ba sila magiging isang tagong panganib? Ang gawain ng pagliligtas sa tao ay hindi nakakamit pagkatapos ng kaganapan ng gawaing panlulupig. Kahit natapos na ang gawain ng panlulupig, ang gawain ng pagdadalisay sa tao ay hindi pa natapos; ang gayong gawain ay matatapos lamang sa sandaling ang tao ay lubusang nagawa nang dalisay, sa sandaling yaong mga tunay na nagpapasakop sa Diyos ay nagawa nang ganap, at sa sandaling yaong mga mapagpanggap na walang Diyos sa kanilang mga puso ay naalis na. Yaong mga hindi nakalulugod sa Diyos sa huling yugto ng Kanyang gawain ay lubusang aalisin, at yaong mga naaalis ay pag-aari ng diyablo. Dahil hindi nila kayang paluguran ang Diyos, sila ay suwail sa Diyos, at kahit na sumusunod ang mga taong ito sa Diyos ngayon, ito ay hindi nagpapatunay na sila ang mga mananatili sa wakas.

Hinango mula sa "Ang Gawain ng Diyos at ang Pagsasagawa ng Tao" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Walang pagkaunawa sa bagong gawain ang ganitong mga tao at napupuno ng walang-katapusang mga kuro-kuro. Wala silang ginagampanang kahit na ano pa mang tungkulin sa iglesia; sa halip,

gumagawa sila ng kalokohan at nagkakalat ng pag-aalinlangan kahit saan, kahit hanggang sa punto ng paglahok sa lahat ng uri ng masamang asal at panggugulo sa iglesia, sa gayon ay itinatapon yaong mga salat sa pagtatanggi tungo sa kalituhan at kaguluhan. Itong mga buhay na diyablo, itong mga masasamang espiritu ay dapat umalis sa iglesia sa lalong madaling panahon, at baka malanta pa ang iglesia nang dahil sa iyo. Maaaring hindi mo kinatatakutan ang gawain sa ngayon, ngunit hindi mo ba kinatatakutan ang matuwid na kaparusahan sa kinabukasan? Mayroong malalaking mga bilang ng mga tao sa iglesia na mga sampid, at malaking bilang ng mga lobong naghahangad gambalain ang normal na gawain ng Diyos. Ang mga bagay na ito ay mga demonyong lahat na ipinadala ng hari ng demonyo, mapanirang mga lobong naghahangad na lamunin ang walang muwang na mga kordero. Kung hindi patatalsikin ang tinaguriang mga taong ito, magiging mga parasitiko sila sa iglesia, mga gamugamong lumalamon ng mga handog. Malao't madali, darating ang araw na itong mga kasuklam-suklam, mangmang, hamak, at karima-rimarim na mga uod na ito ay parurusahan!

Hinango mula sa "Yaong mga Sumusunod sa Diyos Nang may Tunay na Puso ay Tiyak na Makakamit ng Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Mayroong uri ng tao na kayang ituring ang sinuman nang may pagmamahal, pagiging matulungin, at pagpapaubaya, ngunit sa Diyos lamang, sila ay hindi mapagkakasundo, at sila ang Kanyang mabigat na kaaway. Kapag nakatagpo sila ng bagay na may kinalaman sa katotohanan, na may kinalaman sa kung ano ang sinasabi at hinihiling ng Diyos, hindi lamang nila ito hindi matanggap, lumilikha ng mga paghihirap at pinagdududahan sa lahat ng oras, at nagpapakalat na mga kuru-kuro, gumagawa rin sila ng maraming bagay na nakapipinsala sa gawain ng bahay ng Diyos, na kapag may bagay na may kinalaman sa kanilang sarili nilang mga hangarin, may kakayahang pa rin silang bumangon at sumigaw laban sa Diyos. Anong klaseng tao ito? (taong napopoot sa Diyos.) Ang pagkapoot sa Diyos ay aspekto ng kalikasan ng lahat ng tao, at lahat ay

mayroong kakanyahang ito; gayon pa man, sa ilang tao, hindi ito gaanong matindi. Bakit labis ang poot sa Diyos ng ganitong uri ng tao kung gayon? Sila ang kaaway ng Diyos; sila ay mga demonyo—na madaling salita, sila ay mga buhay na demonyo! Mayroon bang mga buhay na demonyo sa mga tao na inililigtas ng Diyos? (Wala.) Samakatuwid, kung tiyak kayong may makilala sa iglesya bilang mga ganitong uri ng buhay na demonyo, dapat ninyo silang burahin agad mula sa lugar. Kung kumikilos ang isang tao nang maayos sa pangkalahatan ngunit mayroon lamang pansamantalang pagkawala sa kanilang kalagayan, o kung ang kanilang tayog ay masyadong mababa para maunawaan ang katotohanan, at sanhi sila ng konting pagkagambala o kaguluhan, ngunit ang pag-uugaling ito ay hindi tuloy-tuloy, at hindi sila likas na ganitong uri ng tao, maaari silang mapanatili kung gayon. Mayroong ilang mahuhusay sa isang bagay, sa kabila ng kanilang medyo mahirap na pagkatao: Handa silang maglingkod at handa pang maghirap; hindi lamang sila nagpaparaya ng anumang pagkakasala at lalabanan ang sinumang manakit sa kanila, ngunit kapag hindi nasasaktan, sila ay medyo normal. Hindi rin sila kumita sa gastos ng iba. Maaari ring mapanatili ang mga ganitong tao, at, bagaman hindi masasabing sila ay maaaring maligtas, maaari silang makapagsilbi man lang, at kung makakapaglingkod sila hanggang sa huli ay nakasalalay sa kanilang pansariling paghahangad. Gayunpaman, kung ang gayong tao ay buhay na demonyo at kalaban ng Diyos, hindi sila kailanman maliligtas. Ito ay isang katiyakan, at dapat silang maalis mula sa simbahan. Ang ilan ay inaalis upang bigyan sila ng pagkakataong magsisi, upang turuan sila ng leksyon; ang iba ay inaalis dahil nakita na sa kanilang mga kalikasan kung ano sila, at hindi sila maliligtas. Lahat ay magkakaiba. Ang ilan na inalis sa kabila ng kanilang malungkot at madilim na kalagayan, ay hindi binitawan ang kanilang tungkulin, at patuloy itong ginagampanan—ang kalagayan nila ay hindi katulad ng sa mga taong hindi talaga ginagawa ang kanilang tungkulin, at ang mga landas na tinahak nila ay magkaiba.

Hinango mula sa “Ang Dapat na Saloobin ng Tao Patungkol sa Diyos” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Yaong mga nag-iisip lamang tungkol sa kanilang laman at nagtatamasa ng kaginhawahan; yaong mga mukhang naniniwala nguni't hindi talaga naniniwala; yaong mga nakikilahok sa masasamang panggagamot at pangkukulam; yaong mga walang delikadesa, gula-gulanit at nanlilimahid; yaong mga nagnanakaw ng mga alay kay Jehova at ng Kanyang mga pag-aari; yaong mga nagmamahal sa mga suhol; yaong mga nangangarap nang walang ginagawa na makaakyat sa langit; yaong mga mapagmataas at palalo, na nagpupunyagi lamang para sa personal na katanyagan at yaman; yaong mga nagkakalat ng mga salitang walang katuturan; yaong mga lumalapastangan sa Diyos Mismo; yaong mga walang ginagawa kundi husgahan at siraang-puri ang Diyos Mismo; yaong mga naggugrupu-grupo at naghahangad na maging malaya; yaong mga dinadakila ang kanilang sarili nang higit sa Diyos; yaong walang-kuwentang mga kabataan, mga may-edad at matatandang kalalakihan at kababaihan na nasilo sa kahalayan; yaong kalalakihan at kababaihan na nagtatamasa ng personal na katanyagan at yaman at naghahabol ng personal na katayuan sa gitna ng iba; yaong mga taong hindi nagsisisi na nabitag sa kasalanan—hindi ba sila, lahat sila, ay walang pag-asang maligtas? Ang kahalayan, pagiging makasalanan, masamang panggagamot, pangkukulam, pagmumura, at walang-katuturang mga salita ay lahat talamak sa inyo; at ang katotohanan at mga salita ng buhay ay tinatapakan sa gitna ninyo, at ang banal na pananalita ay dinudungisan sa gitna ninyo. Kayong mga Gentil, na sobra sa karumihan at pagkasuwail! Ano ang kalalabasan ninyo sa huli? Paano naaatim ng mga nagmamahal sa laman, gumagawa ng pangkukulam ng laman, at nabibitag sa mahalay na kasalanan na patuloy na mabuhay! Hindi mo ba alam na ang mga taong katulad ninyo ay mga uod na walang pag-asang maligtas? Ano ang nagbigay sa inyo ng karapatang humingi ng kung anu-ano? Sa ngayon, wala ni katiting na pagbabago sa mga hindi nagmamahal sa katotohanan at nagmamahal lamang sa laman—paano maliligtas ang gayong mga tao? Yaong mga hindi nagmamahal sa daan ng buhay, mga hindi dumadakila sa Diyos at nagpapatotoo sa Kanya, mga nagpapakana alang-alang sa sarili

nilang katayuan, na nagtataas sa kanilang mga sarili—hindi ba't ganoon pa rin sila, kahit ngayon? Ano ang kabuluhan ng pagliligtas sa kanila? Kung maliligtas ka ay hindi depende sa kung gaano ka na katanda o ilang taon ka nang nagtatrabaho, at lalo nang hindi ito depende sa kung gaano karami ang mga kredensyal mo. Bagkus, depende ito sa kung nagbunga na ang iyong paghahabol. Kailangan mong malaman na yaong mga naliligtas ay ang "mga puno" na nagbubunga, hindi ang mga puno na may malalagong dahon at saganang bulaklak subali't hindi nagbubunga. Kahit nakagugol ka na ng maraming taon sa paggala-gala sa mga lansangan, ano ang halaga niyon? Nasaan ang iyong patotoo? Ang iyong pagpipitagan sa Diyos ay napakababaw kumpara sa pagmamahal mo sa iyong sarili at sa iyong mga mahahalay na pagnanasa—hindi ba napakasama ng ganitong klaseng tao? Paano sila magiging uliran at huwaran para sa pagliligtas? Ang iyong kalikasan ay hindi na mababago, napakasuwail mo, wala ka nang pag-asang maligtas! Hindi ba ang gayong mga tao ang aalisin? Hindi ba ang oras na matatapos ang Aking gawain ang siyang oras ng pagdating ng huling araw mo? Napakarami Kong nagawang gawain at napakarami Kong nasambit na salita sa gitna ninyo—gaano karami nito ang tunay na nakapasok sa inyong mga tainga? Gaano karami nito ang nasunod ninyo kahit kailan? Kapag natapos ang Aking gawain, iyon ang magiging oras na titigil kang kontrahin Ako, na titigil kang kalabanin Ako. Habang Ako'y gumagawa, patuloy kayong kumikilos laban sa Akin; hindi kayo sumusunod sa Aking mga salita kahit kailan. Ginagawa Ko ang Aking gawain, at ginagawa mo ang iyong sariling "gawain," gumagawa ng sarili mong munting kaharian. Kayo'y walang iba kundi mga soro at mga aso, ginagawa ang lahat para kontrahin Ako! Palagi ninyong sinusubukang yakapin yaong mga naghahandog sa inyo ng kanilang buong pagmamahal—nasaan ang inyong pagpipitagan? Lahat ng ginagawa ninyo ay mapanlinlang! Wala kayong pagsunod o pagpipitagan, at lahat ng ginagawa ninyo ay mapanlinlang at lapastangan! Maliligtas ba ang ganyang klaseng tao? Ang mga taong sekswal na imoral at mahalay ay palaging gustong akitin ang makikiring haliparot sa kanila para sa sarili

nilang kasiyahan. Hindi Ko talaga ililigtas ang gayong sekswal na imoral na mga demonyo. Kinamumuhian Ko kayong maruruming demonyo, at ang inyong kahalayan at pagiging haliparot ay magsasadlak sa inyo sa impiyerno. Ano ang masasabi ninyo para sa inyong mga sarili? Nakakadiri kayong maruruming demonyo at masasamang espiritu! Nakasusuklam kayo! Paano maliligtas ang gayong klaseng basura? Maliligtas pa rin ba sila na nabibitag sa kasalanan? Ngayon, ang katotohanang ito, ang daang ito, at ang buhay na ito ay hindi umaakit sa inyo; bagkus, naaakit kayo sa pagkakasala; sa pera; sa reputasyon, katanyagan at pakinabang; sa mga kasiyahan ng laman; sa kaguwapuhan ng mga lalaki at kariktan ng mga babae. Ano ang nagbibigay ng karapatan sa inyo na pumasok sa Aking kaharian? Ang inyong larawan ay higit pa kaysa sa Diyos, ang inyong katayuan ay mas mataas pa kaysa sa Diyos, maliban pa sa inyong kabantugan sa mga tao—naging idolo na kayo na sinasamba ng mga tao. Hindi ba kayo naging ang arkanghel? Kapag inihahayag na ang mga kalalabasan ng mga tao, na kung kailan rin malapit nang matapos ang gawain ng pagliligtas, marami sa inyo ang magiging mga bangkay na wala nang pag-asang maligtas at kailangang alisin. Sa oras ng gawain ng pagliligtas, Ako ay mabait at mabuti sa lahat ng tao. Kapag natapos na ang gawain, ang mga kalalabasan ng iba't ibang uri ng mga tao ay mahahayag, at sa oras na iyon, hindi na Ako magiging mabait at mabuti, sapagka't ang mga kalalabasan ng mga tao ay mahahayag na, at bawa't isa ay pagsasama-samahin ayon sa kanilang uri, at mawawalan na ng saysay ang paggawa ng anumang iba pang gawain ng pagliligtas, dahil ang kapanahunan ng pagliligtas ay nakalipas na, at, dahil nakalipas na, hindi na ito babalik.

Hinango mula sa "Pagsasagawa (7)" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Yaong mga kapatid na palaging nagbubulalas ng kanilang pagkanegatibo ay mga utusan ni Satanas, at ginugulo nila ang iglesia. Ang mga taong ito balang araw ay kailangang itiwalag at alisin. Sa kanilang paniniwala sa Diyos, kung ang mga tao ay walang pusong nagpipitagan sa

Diyos, kung wala silang pusong masunurin sa Diyos, hindi lamang sila hindi makakagawa ng anumang gawain para sa Kanya, kundi bagkus ay magiging mga taong gumagambala sa Kanyang gawain at sumusuway sa Kanya. Ang paniniwala sa Diyos ngunit hindi sumusunod o nagpipitagan sa Kanya, at sa halip ay nilalabanan Siya, ang pinakamalaking kahihiyan para sa isang nananampalataya. Kung natural at walang pagpipigil ang pananalita at pag-uugali ng mga mananampalataya na tulad ng mga walang pananampalataya, mas masama pa sila kaysa mga walang pananampalataya; sila ay napakatipikal na mga demonyo. Yaong mga nagbubulalas ng kanilang makamandag at malisyosong pananalita sa loob ng iglesia, na nagkakalat ng mga tsismis, nagpupukaw ng kawalan ng pagkakaisa, at iginugrupu-grupo ang mga kapatid—dapat ay natiwalag na sila sa iglesia. Subalit dahil ibang panahon na ngayon ng gawain ng Diyos, hinihigpitan ang mga taong ito, sapagkat tiyak na aalisin sila. Lahat ng nagawang tiwali ni Satanas ay may tiwaling disposisyon. Ang ilan ay walang anumang taglay kundi mga tiwaling disposisyon, samantalang ang iba ay hindi ganito: Hindi lamang sila mayroong tiwali at napakasamang disposisyon, kundi napakamalisyoso rin ng kanilang likas na pagkatao. Hindi lamang nahahayag sa kanilang mga salita at kilos ang kanilang tiwali at napakasamang disposisyon; ang mga taong ito, bukod dito, ang totoong diyablong si Satanas. Ang pag-uugali nila ay nakakaabala at nakakagambala sa gawain ng Diyos, nakakasama sa pagpasok ng mga kapatid sa buhay, at nakakasira sa normal na buhay ng iglesia. Sa malao't madali, ang mga lobong ito na nakadamit-tupa ay kailangang mapalayas; hindi dapat kaawaan at tanggapin ang mga utusang ito ni Satanas. Ito lamang ang pumapanig sa Diyos, at yaong mga hindi nakakagawa nito ay nagtatampisaw sa putikan na kasama ni Satanas.

Hinango mula sa "Isang Babala sa mga Hindi Nagsasagawa ng Katotohanan" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Bawat iglesia ay may mga taong nagsasanhi ng kaguluhan para sa iglesia o nakikialam sa gawain ng Diyos. Lahat sila ay mga Satanas na

nakapasok sa bahay ng Diyos nang nakabalatkayo. Ang gayong mga tao ay mahusay umakto: Humaharap sila sa Akin nang may malaking pagpipitagan, nakayuko at kumakayod, umaasal na parang mga asong galisin, at inilalaan ang kanilang “lahat-lahat” para makamtan ang sarili nilang mga layunin—ngunit sa harap ng mga kapatid, ipinapakita nila ang kanilang pangit na panig. Kapag nakakakita sila ng mga taong nagsasagawa ng katotohanan, pinipintasan nila ang mga ito at itinutulak sa isang tabi; kapag nakakakita sila ng mga taong mas nakakatakot kaysa sa kanila, pinupuri at binobola nila ang mga ito. Nagwawala sila sa loob ng iglesia. Masasabi na ang gayong “lokal na mga maton,” ang gayong “mga sipsip,” ay umiiral sa karamihan ng mga iglesia. Sama-sama silang kumikilos nang malademonyo, nagpapahatid ng mga kindat at lihim na senyas sa isa’t isa, at walang isa man sa kanila ang nagsasagawa ng katotohanan. Sino man ang may pinakamakamandag na lason ay siyang “punong demonyo,” at sino man ang may pinakamataas na karangalan ay namumuno sa kanila, at iwinawagayway ang kanilang bandila. Naghuhuramentado ang mga taong ito sa loob ng iglesia, nagkakalat ng kanilang pagkanegatibo, bumubulalas ng kamatayan, ginagawa ang gusto nila, sinasabi ang gusto nila, at walang sinumang nangangahas na pigilan sila. Puno sila ng disposisyon ni Satanas. Katatapos pa lamang nilang manggulo ay pumapasok na ang simoy ng kamatayan sa iglesia. Yaong mga nasa iglesia na nagsasagawa ng katotohanan ay pinalalayas, na hindi ginagawa ang lahat, samantalang yaong mga nanggugulo sa iglesia at nagkakalat ng kamatayan ay nagwawala sa loob—bukod pa riyan, karamihan sa mga tao ay sumusunod sa kanila. Ang gayong mga iglesia ay pinamumunuan ni Satanas, walang duda; ang diyablo ang kanilang hari. Kung ang mga nagtitipon ay hindi tumatayo at tumatanggi sa mga punong demonyo, sila rin sa malao’t madali ay mawawasak. Mula ngayon, kailangang gumawa ng mga hakbang laban sa gayong mga iglesia. Kung hindi ito hahangarin ng mga may kakayahang magsagawa ng kaunting katotohanan, bubuwagin ang iglesiang iyon. Kung walang sinuman sa isang iglesia ang handang magsagawa ng katotohanan at walang

sinumang maaaring tumayong saksi para sa Diyos, dapat ay ihiwalay nang lubusan ang iglesiang iyon, at kailangang putilin ang mga koneksyon nito sa ibang mga iglesia. Tinatawag itong “paglilibing sa kamatayan”; ito ang ibig sabihin ng palayasin si Satanas. Kung may ilang lokal na maton sa isang iglesia, at sinusundan sila ng “maliliit na langaw” na lubos na hindi makaintindi, at kung ang mga nagtitipon, kahit nakita na nila ang katotohanan, ay wala pa ring kakayahang tanggihan ang mga gapos at manipulasyon ng mga maton na ito, lahat ng hangal na iyon ay aalisin sa huli. Maaaring walang nagawang kakila-kilabot ang maliliit na langaw na ito, ngunit mas mapanlinlang pa sila, mas tuso at mahusay umiwas, at lahat ng kagaya nito ay aalisin. Wala ni isang matitira! Yaong mga nabibilang kay Satanas ay ibabalik kay Satanas, samantalang yaong nabibilang sa Diyos ay tiyak na hahanapin ang katotohanan; ipinapasiya ito ng kanilang likas na pagkatao. Hayaang mapahamak ang lahat ng sumusunod kay Satanas! Walang habag na ipapakita sa gayong mga tao. Hayaan yaong mga naghahanap sa katotohanan na masustentuhan, at nawa’y masiyahan sila sa salita ng Diyos hangga’t gusto nila. Ang Diyos ay matuwid; hindi Siya magpapakita ng paboritismo kaninuman. Kung ikaw ay isang diyablo, wala kang kakayahang magsagawa ng katotohanan; kung ikaw ay isang taong naghahanap sa katotohanan, tiyak na hindi ka mabibihag ni Satanas. Walang kaduda-duda iyan.

Hinango mula sa “Isang Babala sa mga Hindi Nagsasagawa ng Katotohanan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Yaong mga tunay na naniniwala sa Diyos ay yaong mga handang isagawa ang salita ng Diyos at handang isagawa ang katotohanan. Ang mga taong tunay na nagagawang manindigan sa kanilang patotoo sa Diyos ay yaon ding mga handang isagawa ang Kanyang salita at talagang kayang pumanig sa katotohanan. Wala sa lahat ng taong nanloloko at walang katarungan ang katotohanan, at nagdadala sila ng kahihiyan sa Diyos. Yaong mga nagsasanhi ng mga alitan sa iglesia ay mga utusan ni Satanas, sila ang sagisag ni Satanas. Ang gayong mga tao ay

nakapamalisyoso. Lahat ng hindi makaintindi at walang kakayahang pumanig sa katotohanan ay may kimkim na masasamang layon at dinudungisan ang katotohanan. Higit pa riyan, sila ay napakatipikal na mga kinatawan ni Satanas. Hindi na sila matutubos, at natural lamang na aalisin silang lahat. Hindi tinutulutan ng pamilya ng Diyos na manatili ang mga hindi nagsasagawa ng katotohanan, ni hindi nito tinutulutang manatili yaong mga sadyang gumigiba sa iglesia. Gayunman, hindi ito ang panahon para gawin ang gawain ng pagtitiwalag; ilalantad at aalisin lamang ang gayong mga tao sa huli. Wala nang walang-silbing gawaing iuukol sa mga taong ito; yaong mga nabibilang kay Satanas ay hindi kayang pumanig sa katotohanan, samantalang yaong mga naghahanap sa katotohanan ay kayang gawin ito. Ang mga taong hindi nagsasagawa ng katotohanan ay hindi karapat-dapat na marinig ang daan ng katotohanan at hindi karapat-dapat na magpatotoo tungkol sa katotohanan. Ang katotohanan ay hindi talaga para sa kanilang mga pandinig; sa halip, ito ay para sa mga nagsasagawa nito. Bago ibunyag ang katapusan ng bawat tao, yaong mga nanggugulo sa iglesia at nakakaabala sa gawain ng Diyos ay isasantabi muna sa ngayon, upang pakitunguhan kalaunan. Kapag tapos na ang gawain, ilalantad ang bawat isa sa mga taong ito, at pagkatapos ay aalisin sila. Samantala, habang ipinagkakaloob ang katotohanan, hindi sila papansinin. Kapag ibinunyag sa sangkatauhan ang buong katotohanan, dapat maalis ang mga taong iyon; iyon ang panahon kung kailan pagbubukud-bukurin ang lahat ng tao ayon sa kanilang uri. Ang walang-kuwentang mga panloloko ng mga hindi makaintindi ay hahantong sa kanilang pagkawasak sa mga kamay ng masasamang tao, ililigaw sila ng mga ito, at hindi na makakabalik. At gayong pagtrato ang nararapat sa kanila, dahil hindi nila mahal ang katotohanan, dahil hindi nila kayang pumanig sa katotohanan, dahil sumusunod sila sa masasamang tao at pumapanig sa masasamang tao, at dahil nakikipagsabwatan sila sa masasamang tao at sumusuway sa Diyos. Alam na alam nila na ang mababanaag sa masasamang taong iyon ay kasamaan, subalit pinatitigas nila ang kanilang puso at tinatalikuran ang katotohanan upang sundan sila.

Hindi ba gumagawa ng kasamaan ang lahat ng taong ito na hindi nagsasagawa ng katotohanan kundi gumagawa ng nakakasira at kasuklam-suklam na mga bagay? Bagama't mayroon sa kanila na naghahari-harian at sumusunod naman sa kanila ang iba, hindi ba pare-pareho silang likas na masuwayin sa Diyos? Ano ang ikakatwiran nila para sabihin na hindi sila inililigtas ng Diyos? Ano ang ikakatwiran nila para sabihin na hindi matuwid ang Diyos? Hindi ba ang sarili nilang kasamaan ang sumisira sa kanila? Hindi ba ang sarili nilang pagkasuwail ang humahatak sa kanila pababa sa impiyerno? Ang mga taong nagsasagawa ng katotohanan, sa bandang huli, ay maliligtas at gagawing perpekto dahil sa katotohanan. Yaong mga hindi nagsasagawa ng katotohanan, sa bandang huli, ay maghahatid ng pagkawasak sa kanilang sarili dahil sa katotohanan. Ito ang wakas na naghihintay sa mga nagsasagawa at hindi nagsasagawa ng katotohanan. Pinapayuhan Ko ang mga hindi nagplaplanong isagawa ang katotohanan na lisanin ang iglesia sa lalong madaling panahon upang hindi na makagawa ng mas marami pang kasalanan. Pagdating ng panahon, magiging huli na ang lahat para magsisi. Lalo na, yaong mga naggugrupu-grupo at lumilikha ng pagkakawatak-watak, at yaong mga lokal na maton sa loob ng iglesia, ay kailangang lumisan nang mas maaga. Ang mga taong iyon, na may likas na pagkataong kasingsama ng mga lobo, ay walang kakayahang magbago. Mas mabuti pang lisanin nila ang iglesia sa pinakamaagang pagkakataon, at huwag nang gambalaing muli ang normal na buhay ng mga kapatid kailanman, at sa gayon ay maiwasan nila ang parusa ng Diyos. Makakabuting gamitin ninyong mga sumama na sa kanila ang pagkakataong ito upang magmuni-muni sa inyong sarili. Lilisanin ba ninyo ang iglesia na kasama ng masasama, o mananatili kayo at susunod nang tapat? Kailangan ninyong pag-isipang mabuti ang bagay na ito. Binibigyan Ko kayo ng isa pang pagkakataon upang pumili, at hinihintay Ko ang inyong kasagutan.

Hinango mula sa "Isang Babala sa mga Hindi Nagsasagawa ng Katotohanan" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Nauunawaan mo na ba ngayon kung ano ang paghatol at ano ang katotohanan? Kung naunawaan mo na, ipinapayo Ko na masunuring magpasakop sa pagpapahatol, kung hindi ay hindi ka magkakaroon ng pagkakataon kailanman na papurihan ng Diyos o madala Niya sa Kanyang kaharian. Yaong mga tumatanggap lamang ng paghatol ngunit hindi kailanman maaaring mapadalisay, ibig sabihin, yaong mga nagsisitakas sa gitna ng gawain ng paghatol, ay kamumuhian at itatakwil ng Diyos magpakailanman. Ang kanilang mga kasalanan ay mas marami, at mas mabigat, kaysa roon sa mga Fariseo, sapagkat napagtaksilan nila ang Diyos at naghimagsik sila laban sa Diyos. Ang gayong mga tao na ni hindi karapat-dapat na magsagawa ng paglilingkod ay tatanggap ng mas mabigat na parusa, isang parusang bukod diyan ay pangwalang-hanggan. Hindi patatawarin ng Diyos ang sinumang taksil na minsan ay nagpakita ng katapatan sa mga salita subalit ipinagkanulo Siya pagkatapos. Ang ganitong mga tao ay gagantihan sa pamamagitan ng kaparusahan ng espiritu, kaluluwa, at katawan. Hindi ba ito mismo ang paghahayag ng matuwid na disposisyon ng Diyos? Hindi ba ito ang layunin ng Diyos sa paghatol sa tao, at pagbubunyag sa kanya? Ipapadala ng Diyos ang lahat ng gumagawa ng lahat ng uri ng masamang gawa sa panahon ng paghatol sa isang lugar na pinamumugaran ng masasamang espiritu, at hahayaan ang masasamang espiritung ito na wasakin ang kanilang katawang laman ayon sa gusto nila at ang kanilang katawan ay mangangamoy-bangkay. Iyon ang nararapat na ganti sa kanila. Isinusulat ng Diyos sa kanilang mga talaang aklat ang bawat isa sa mga kasalanan niyaong mga nananalig na hindi-tapat at huwad, mga huwad na apostol, at mga huwad na manggagawa; pagkatapos, sa tamang panahon, itatapon Niya sila sa gitna ng maruruming espiritu, at hahayaan ang maruruming espiritung ito na dungisan ang kanilang buong katawan ayon sa gusto nila, upang hindi na sila makapagkatawang-taong muli kailanman at hindi na makitang muli ang liwanag kailanman. Yaong mga ipokrito na minsang naglingkod ngunit hindi nanatiling tapat hanggang sa huli ay ibinibilang ng Diyos sa masasama, kaya bumabagsak sila sa pakikipagsosyo sa mga masasama at nagiging

bahagi ng kanilang magulong grupo; sa huli, pupuksain sila ng Diyos. Isinasantabi at hindi pinapansin ng Diyos yaong mga hindi kailanman naging tapat kay Cristo o hindi naglaan ng anumang pagsisikap, at pupuksain silang lahat sa pagbabago ng mga kapanahunan. Hindi na sila iiral sa lupa, at lalong hindi makapapasok sa kaharian ng Diyos. Yaong hindi kailanman naging tapat sa Diyos ngunit napilitan dahil sa kanilang kalagayan na humarap sa Kanya nang madalian ay ibinibilang sa mga yaong naglilingkod para sa Kanyang bayan. Iilan lamang sa mga taong iyon ang mananatiling buhay, samantalang ang karamihan ay mamamatay na kasama ng mga nagbigay ng serbisyo na hindi umabot sa pamantayan. Sa huli, dadalhin ng Diyos sa Kanyang kaharian ang lahat ng tao na ang isipan ay kaayon ng Diyos, ang mga tao at ang mga anak ng Diyos pati na yaong mga itinakda ng Diyos na maging mga saserdote. Sila ang magiging bunga ng paglilinis na mula sa gawain ng Diyos. Patungkol sa mga yaong hindi kabilang sa anumang kategoryang inilatag ng Diyos, ibibilang sila sa mga di-mananampalataya—at tiyak na maiisip ninyo kung ano ang kanilang kahihinatnan. Nasabi Ko na sa inyo ang lahat ng dapat Kong sabihin; kayo ang magpapasiya kung aling landas ang inyong pipiliin. Ang dapat ninyong maunawaan ay ito: Ang gawain ng Diyos ay hindi kailanman naghihintay sa sinumang hindi nakakasabay sa Kanya, at ang matuwid na disposisyon ng Diyos ay hindi nagpapakita ng awa sa sinumang tao.

Hinango mula sa “Ginagawa ni Cristo ang Gawain ng Paghatol sa Pamamagitan ng Katotohanan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

137. Ang mga Prinsipyo ng Pakikitungo sa mga Pinuno at Mga Manggagawa

(1) Dapat na parangalang dakila ang Diyos ng mga hinirang na tao ng Diyos at huwag hangaan at sambahin ang sinumang pinuno o manggagawa. Sa lahat ng bagay, dapat silang magpasakop sa Diyos at sa katotohanan, at hindi dapat makontrol ng mga tao;

(2) Dapat na tanggapin at sundin ang mga pinuno at mga manggagawa hangga’t sila ang mga tamang tao na ang mga pananalita at

mga pagkilos ay ayon sa katotohanang salita ng Diyos, at nagtataas at nagpapatotoo sa Kanya.

(3) Dapat na itama ang mga pagkakamali sa pamamagitan ng pagsasalamuha kung nakapaghayag ng katiwalian ang mga pinuno o mga manggagawa, o kung ang kanilang mga pagkilos ay hindi ayon sa katotohanang prinsipyo. Hindi dapat silang bulag na sundin;

(4) Ibibilang silang mga huwad na pinuno o mga anticristo at dapat na ilantad at alisin kung tiwali ang sinumang mga pinuno o mga manggagawa, kumikilos ayon sa kanilang kagustuhan sa paraang salungat sa mga kaayusan sa gawain.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang mga taong nananalig sa Diyos ay dapat sumunod sa Diyos at sumamba sa Kanya. Huwag mong dakilain o tingalain ang sinumang tao; huwag mong unahin ang Diyos, ipangalawa ang mga tao na iyong tinitingala, at ipangatlo ang iyong sarili. Walang sinumang dapat magkaroon ng lugar sa iyong puso, at hindi mo dapat isaalang-alang ang mga tao—lalo na ang iyong mga iginagalang—na kapareho ng Diyos, na Kanyang kapantay. Hindi ito katanggap-tanggap para sa Diyos.

Hinango mula sa “Ang Sampung Atas Administratibo na Dapat Sundin ng Hinirang na Bayan ng Diyos sa Kapanahunan ng Kaharian” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Anuman ang antas ng mga pinuno at manggagawa sa loob ng isang iglesia, kung palagi ninyo silang sinasamba at umaasa sa kanila para sa lahat ng bagay upang manampalataya sa Diyos at makamit ang kaligtasan, ang pagpapalakas na ganito’y mali sa kanyang sarili. Anuman ang kanilang ranggo sa gitna ng mga pinuno, pangkaraniwang tao pa rin sila, at kung tinitingnan mo sila bilang iyong mga pinuno, kung nararamdaman mong mas mataas sila sa iyo, na mas dakila sila o mas magaling kaysa sa iyo, at dapat ka nilang pangunahan, na sila’y palaging mas mataas kaysa sa sinuman, mali iyon—maling akala mo ito. At ano ang mga kahahantungan ng maling akalang ito? Dadalhin ka ng maling akalang ito, nitong pagkaunawang may kapintasan, na sukatin ang iyong mga pinuno laban sa

mga hinihingi na hindi alinsunod sa realidad nang hindi mo nalalaman; kasabay nito, hindi mo nalalamang naaakit ka sa kanilang tinatawag na likas na talino at gilas, o sa kanilang mga kakayanan at talento, na anupa't bago mo pa malaman, sinasamba mo na sila, at sila'y naging mga Diyos mo na. Ang landas na iyon, mula sa sandaling magsimula silang maging huwaran mo, tampulan ng iyong pagsamba, hanggang sa sandaling maging isa ka sa kanilang mga tagasunod, ay magdadala sa iyo palayo sa Diyos nang hindi mo namamalayan. At habang unti-unti kang lumalayo sa Diyos, maniniwala ka pa rin na sumusunod ka sa Diyos, na ikaw ay nasa tahanan ng Diyos, na ikaw ay nasa harapan ng Diyos. Gayunpaman, natangay ka na palayo ng isang tao na tiniwali ni Satanas o maging ng isang anticristo nang hindi mo namamalayan. Napakamapanganib na kalagayan nito. Upang malutas ang suliraning ito, kailangan mo, kung gayon, na maunawaan ng wasto ang iba't ibang disposisyon ng mga anticristo at ang mga paraan na sila'y kumikilos, gayundin ang likas ng kanilang mga pagkilos at mga pamamaraan at pakana na gustung-gusto nilang gamitin; kailangan mo ring magsimula sa pamamagitan ng paggawa sa inyong mga sarili. Hindi tamang landas ang pananampalataya sa Diyos ngunit sumasamba sa tao. Maaaring sabihin ng iba: "Mayroon nga akong mga dahilan sa pagsamba sa mga pinuno—iyong mga sinasamba ko ay kasang-ayon sa aking mga kuro-kuro at hinuha." Bakit mo pinagpipilitang sumamba sa tao samantalang nananampalataya ka sa Diyos? Pagkatapos ng lahat, sino ba ang magliligtas sa iyo? Sino ang tunay na nagmamahal sa iyo at iniingatan ka—hindi mo ba talaga nakikita? Sumusunod ka sa Diyos at nakikinig sa Kanyang salita, at kung may magsasalita at gagawa nang wasto, at sumasang-ayon sa mga katotohanang prinsipyo, hindi ba sapat sa iyo ang pagsunod sa katotohanan? Bakit napakasama mo? Nagpupumilit ka sa paghahanap ng isang taong sinasamba mo upang sundan—bakit ba nais mong maging alipin ni Satanas? Bakit hindi ka na lang maging lingkod ng katotohanan? Tumingin ka dito upang makita kung may pag-unawa at dangal ang isang tao. Dapat kang magsimula sa pamamagitan ng paggawa sa iyong sarili, pag-aarmas sa iyong sarili sa

mga katotohanang nagpapakilala sa pagkaka-iba ng iba't ibang mga tao at pangyayari, bumuo ng pagkilala ng mga pamamaraan na ang bawat uri ng pangyayari at tao ay nagpapakita, na nauunawaan sa bawat pagkakataon kung anong likas at disposisyon ang inilalahad; kailangan mo ring maunawaan kung anong uri ka ng tao, kung anong uri ng mga tao ang nakapalibot sa iyo, at kung anong uri ng tao ang nangunguna sa iyo. Kailangang makilala mo sila nang maayos. Kapag ikaw'y naaarmasan na ng sukat ng iyong tayog, hindi ka madaling mahuhulog sa mga panglansi ng mga anticristo, ni hindi ka rin matatakot sa kanilang mga panlilinlang.

Hinango mula sa "Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (4)" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ano ang saloobing dapat taglayin ng mga tao pagdating sa kung paano tratuhin ang isang pinuno o manggagawa? Kung tama ang ginagawa niya, maaari mo siyang sundin; kung mali ang ginagawa niya, maaari mo siyang ibunyag, at labanan pa siya at magbigay ng ibang opinyon. Kung hindi siya nakakagawa ng praktikal na gawain, at nabunyag na isang huwad na lider, isang huwad na manggagawa o isang anticristo, maaari kang tumangging tanggapin ang kanyang pamumuno, at maaari mo rin siyang isumbong at ibunyag. Gayunman, hindi nauunawaan ng ilang taong hinirang ng Diyos ang katotohanan at lalo nang napakaduwag, kaya nga hindi sila nangangahas na gumawa ng anuman. Sinasabi nila, "Kung patatalsikin ako ng lider, tapos na ako; kung hihikayatin niyang ibunyag o pabayaan ako ng lahat, hindi ko na magagawang maniwala sa Diyos. Kung lilisanin ko ang iglesia, hindi ako gugustuhin at hindi ako ililigtas ng Diyos. Ang iglesia ay kumakatawan sa Diyos!" Hindi ba naaapektuhan ng mga paraang ito ng pag-iisip ang saloobin ng gayong tao tungo sa mga bagay na iyon? Totoo nga kaya na kung itiwalag ka ng lider, hindi ka na maliligtas? Nakasalalay ba ang iyong kaligtasan sa saloobin ng iyong lider tungo sa iyo? Bakit napakaraming tao ang may gayon kalaking takot? Kung, sa sandaling bantaan ka ng isang huwad na lider o isang anticristo, hindi ka mangangahas na isumbong ito sa nakatataas at gagarantiyahan

mo pa na mula sa oras na iyon, magkakaisa kayo ng isipan ng lider, hindi ba tapos ka na? Ito ba ang uri ng taong naghahanap sa katotohanan? Hindi ka lamang hindi nangangahas na ilantad ang gayon kasamang pagkilos na maaaring gawin ng napakasasamang anticristo, bagkus, sinusunod mo sila at itinuturing pang katotohanan ang kanilang mga salita, kung saan ikaw ay nagpapasakop. Hindi ba ito ang halimbawa ng kabobohan? Pagkatapos, kapag ikaw'y sinaktan, hindi ba karapat-dapat iyon sa iyo? Ang Diyos ba ang sanhi na ikaw'y masaktan? Hiniling mo ito sa iyong sarili. Tinanggap mo ang isang anticristo upang maging pinuno mo, at itinuring siya na parang kapatid—kasalanan mo ito. Ano ang saloobin na dapat gamitin sa pagtrato sa isang anticristo? Dapat ay ilantad siya at makipagpunyagi laban sa kanya. Kung hindi mo ito magagawa nang mag-isa, dapat na magsama ang maraming tao at iulat siya. Sa pagkatuklas na ang ilang pinuno at manggagawa na mas mataas ang posisyon ay lumalakad sa landas ng anticristo, na pinagdurusa ang mga kapatid, hindi gumaganap sa tunay na gawain, at pinag-iimbutan ang biyaya ng katayuan, pumirma ang ilang tao sa petisyon na tanggalin ang mga anticristong iyon. Magaling ang ginawa ng mga taong iyon! Ipinapakita nito na nauunawaan ng mga tao ang katotohanan, na nagtataglay sila ng tiyak na matayog, at sila'y hindi kinukontrol ni nalinlang ni Satanas. Pinapatunayan din nito na ang mga anticristo at mga huwad na pinuno ay hindi nagtataglay ng dominanteng posisyon sa iglesia, at hindi sila nangahas na magpakita ng kanilang tunay na pagkatao nang labis na hayagan sa anumang sinasabi o ginagawa nila. Kung ipahahayag man nila ang kanilang sarili, may mga taong magmamatyag sa kanila, kikilala sa kanila, at ipatatapon sila sa labas. Ibig sabihin, sa mga puso ng mga taong may tunay na pagkaunawa sa katotohanan, ang katayuan, karangalan, at awtoridad ng isang tao ay hindi siyang nagtataglay ng malaking kapangyarihan. Ang lahat ng nakakaunawa sa katotohanan ay may pagkilala sa mabuti't masama, at pinag-iisipan at pinagbubulay-bulayan nila ang landas na dapat sundin ng mga tao sa kanilang pananampalataya sa Diyos, gayundin sa kung paano nila dapat tratuhin ang mga pinuno at

mga manggagawa. Nagsisimula rin silang mag-isip kung sino ang dapat sundin ng mga tao, aling mga pagkilos ang bumubuo sa pagsunod sa tao, at aling mga pagkilos ang bumubuo sa pagsunod sa Diyos. Matapos pagbulay-bulayan ang mga katotohanang ito nang ilang taon, at madalas na makinig sa mga sermon, nauunawaan na nila ang mga katotohanan tungkol sa pananampalataya sa Diyos nang hindi pinag-iisipan, kaya't nakamtan nila ang sukat ng katayuan. Lumunsad na sila sa tamang landas ng paniniwala sa Diyos.

Hinango mula sa "Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (1)" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Nararapat na maunawaan ng hinirang na mga tao ng Diyos kung paano itatrato ang mga pinuno at mga manggagawa sa lahat ng antas ng iglesia. Kailangan nilang makita ang kaibhan ng mabuti sa masama at maintindihan kung ang mga pinuno at mga manggagawa ay mga taong hinahanap ang katotohanan. Mga pinakabatayang kakayahan ang mga ito na dapat taglayin ng hinirang na mga tao ng Diyos. Kung nakikita natin na ang isang pinuno o manggagawa ay isang mabuting tao na naghahanap sa katotohanan, subalit nakagawa ng ilang paglabag o nakagawa ng maling bagay, dapat natin siyang tratuhin nang wasto at tulungan siya nang may pagmamahal. Walang pasubaling hindi natin dapat sunggaban ang mga kamalian o mga paglabag na ito upang isumpa siya, di-makatwirang bansagan siya, at maging napakabigat ng kamay na basta hampasin ang mga tao ng patpat hanggang mamatay; ang gawin ito ay maling pagpaparatang at pagpinsala ng iba. Nakagawa rin ang mabubuting tao ng mga paglabag at minsang nakagawa ng mga kamalian, subalit nakakapagsisi at nakakapagbago ang mabubuting tao. Kaya, anumang mga paglabag na iyong napag-alamang nagawa ng mabubuting tao, o anong mga kamalian ang kanilang nagawa, hangga't natatanggap nila ang katotohanan, nakikilala ang kanilang mga sarili, at nagsisisi, kung gayon kailangan silang matulungan nang may pagmamahal. Kung mabuting tao

ang isang pinuno o manggagawa na hinahanap ang katotohanan, at may isang taong sumunggab sa isang paglabag na kaniyang nagawa at hindi ito bibitiwan hanggang masira nila ang isang pinuno o manggagawa, kung gayon hindi ba iyon pang-aapi sa kaniya at pagpapahirap sa kaniya? Wala itong ipinagkaiba sa pagpapahirap sa mga tao ng huwad na mga pinuno at mga anticristo. Hindi dapat magpahirap ng iba ang hinirang na mga tao ng Diyos, mas lalong hindi dapat magpahirap ng iba ang mga pinuno at mga manggagawa. Dapat na tratuhin nang wasto ng hinirang na mga tao ng Diyos ang mga pinuno at mga manggagawa, at dapat tratuhin nang wasto ng mga pinuno at mga manggagawa ang hinirang na mga tao ng Diyos. Lahat tayo ay dapat makatarungang tratuhin ang bawa't isa, at damayan ang isa't isa dahil sa pagmamahal. Ito ang paraan ng normal na mga ugnayan ng tao, pati na rin isang palatandaan ng pagpasok sa katotohanang realidad.

Kung ang mga pinuno at mga manggagawang napili sa mga halalan ng iglesia ay paulit-ulit na inaapi at pinaparatangan ang iba, maaari rin silang matukoy na mga makasalanang tao, at sa sandaling makuha ang hindi mapabubulaanang katibayan, dapat silang mahimok na magbitiw sa tungkulin; kung hindi nila tatanggapin ang pagpuna, paninisi, pagtatabas, at pakikitungo ng hinirang na mga tao ng Diyos, dapat na magkaisa ang hinirang ng Diyos upang iwaksi at alisin sila. Ang paggawa nito ay pag-aalis ng pinagmumulan ng pinsala para sa kapakinabangan ng lahat, ganap na naaayon sa kalooban ng Diyos, nakabubuti sa pangangalaga sa buhay iglesia, at ganap na nasa kahulugan ng pangangalaga sa gawain ng Diyos. Pinaghaharian ng Diyos, ng katotohanan, at salita ng Diyos ang iglesia, at walang pasubaling hindi pinagtitiisan ang presensiya ng mga makasalanang tao. Kung ang pagtrato ng anumang iglesia sa huwad na mga pinuno at mga anticristo ay pagtiisan at balewalain sila, pagtiisan ang kanilang mga panggagambala at paninira, at ang kanilang pinsala sa hinirang na mga tao ng Diyos, pinatutunayan nito na ang iglesiang ito ay walang mga taong nauunawaan ang katotohanan at itinataguyod ang katarungan, at pawang binubuo ng mga taong magulo ang isip, at iyon ang

dahilan kaya nalilinlang at nakokontrol ng huwad na mga pinuno at mga anticristo ang mga kasapi ng iglesia na ito; maaari lamang silang magdusa at malupit na maapi. Pinatutunayan naman nito na kung hindi nauunawaan ng mga mananampalataya sa Diyos ang katotohanan, tiyak na mapapahirapan sila ni Satanas at mapagmamalupitan ng mga makasalanang tao. Kahit na ninanais ng Itaas na tulungan ang gayong mga tao, hindi namin ito magagawa. Nagbigay na ng malinaw na mga panuntunan para sa hinirang ng Diyos ang mga pagsasaayos ng gawain mula sa Itaas, at ganap na posible para sa kanila na iwaksi ang huwad na mga pinuno at huwad na mga manggagawa ayon sa katotohanan at sa pagsasaayos ng gawain mula sa Itaas. Karapatan ito na ibinigay ng Diyos, at kung hindi alam ng hinirang na mga tao ng Diyos kung paano ito gagamitin, wala silang masisisi kung hindi ang kanilang mga sarili.

Dapat na tratuhin ng hinirang na mga tao ng Diyos ang mga pinuno at mga manggagawa sa lahat ng antas ng iglesia sa paraang batay sa katotohanan at pinanghahawakan ang mga prinsipyo. Dapat silang sumuporta, magtaguyod, at makipagtulungan sa mga pinuno at mga manggagawa na mga kaayon ng kalooban ng Diyos, at na nakakalutas ng mga suliranin at nakakagawa ng mga praktikal na bagay para sa hinirang ng Diyos. Dapat na matiyaga nilang tulungan ang mga pinuno at mga manggagawa na iyon na naghahanap sa katotohanan at may gawain ng Banal na Espiritu, subalit maaaring nakalabag at hindi nakamit ang mga minimithing resulta sa kanilang gawain. Maaari silang punahin at sawayin ng hinirang ng Diyos, pati na rin tabasan at pakitunguhan sila, subalit hindi pinahihintulutan na isumpa o paratangan sila, lalong hindi basta iwaksi o alisin sila. Kailangan nilang kumilos batay sa katotohanan at ayon sa prinsipyo. Sa kaso ng mga pinuno at mga manggagawa na hindi ganap na nawala ang gawain ng Banal na Espiritu at nakakagawa pa rin ng ilang praktikal na gawain, kailangang hindi sila kailanman tratuhin ng hinirang na mga tao ng Diyos na huwad na mga pinuno at huwad na mga manggagawa. Dapat na mag-alok lamang sila ng tulong dahil sa pagmamahal, at suportahan sila nang may pagtitiyaga. Ito ang

pananagutan ng hinirang na mga tao ng Diyos. Kung hindi nais na magsisi ng mga pinuno at mga manggagawa na hindi hinahanap ang katotohanan at walang gawain ng Banal na Espiritu, pinapabayaan ang kanilang wastong mga katungkulan at walang-ingat na kumikilos, kailangan silang maalis at maiwaksi. Sa pamamagitan lamang ng mga pagsasagawang ito maaaring mapangalagaan ang gawain ng Diyos at mapanatiling ligtas ang buhay iglesia mula sa pagkagambala. Makabubuti ito sa pagsasakatuparan ng kalooban ng Diyos, pati na rin sa pagpasok sa buhay ng hinirang na mga tao ng Diyos.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Kailangang maliwanagan ang hinirang na mga tao ng Diyos na karamihan sa mga pinuno at mga manggagawa ay taos-pusong naniniwala sa Diyos at may kakayahang hanapin ang katotohanan. Kahit na lahat sila ay may pagbubunyag ng katiwalian at mga paglabag, hangga't natutupad nila ang kanilang tungkulin ayon sa mga pagsasaayos ng gawain at madalas na nagagampanan ang ilang aktwal na gawain, kung gayon walang alinlangan na sila ay taong may pag-asang makatamo ng kaligtasan; samakatuwid dapat na tanggapin, suportahan at makipagtulungan sa kanila ang hinirang na mga tao ng Diyos. Ito ang prinsipyo sa pagtrato sa karamihan ng mga pinuno at mga manggagawa. Kung natuklasan na ang isang pinuno o manggagawa ay malimit na nilalabag ang mga pagsasaayos ng gawain, at kung hindi tugma sa katotohanan ang kanilang ginagawa, kung gayon ganap tayong makakasiguro na siya ay huwad na pinuno o isang anticristo. Tungkol sa huwad na mga pinuno at mga anticristo, hindi lamang dapat na hindi natin sila tanggapin o sundin kailanman, kailangan din natin silang puspusang ilantad at pabayaan; ito lamang ang naaayon sa kalooban ng Diyos. Kapag nakikitungo sa mga pinuno at mga manggagawa, kailangan nating gamitin ang pag-intindi, pangunahing tinitingnan kung nagtataglay sila o hindi ng mabuting pagkatao at kung nagtataglay sila o hindi ng katotohanang

realidad. Kailangang hindi natin bigyang-diin kailanman ang mga likas na talino ng isang tao at pikit-matang sumamba. Dapat maunawaan nating lahat na ang mga likas na talino ng isang tao ay hindi ang kanilang buhay, kung may katotohanang realidad o wala ang isang tao ang tanging pinakabatayang bahay. Ang lahat ng mga sabik sa mga likas na talino ng isang tao ay ang mga madaling sumasamba sa huwad na mga pinuno at mga anticristo, habang ang mga mas praktiko lamang ang nagbibigay pansin sa kung may katotohanang realidad o wala ang isang tao. Napakadalas, may mga likas na talino ang karamihan sa huwad na mga pinuno at mga anticristo, nakakapagsalita silang lahat nang may kahusayan, at masigasig sila sa pagpapasikat ng kanilang sarili upang tumaas ang tingin sa kanila ng iba, sa gayong paraan madaling nakakamit ang pagsamba at pagsunod mula sa ilang mga tao. Gayunman, napakadalas na matatag na umuusad at gumaganap ng aktwal na gawain ang mga mayroong katotohanang realidad, nakatuon lamang sa pakikipagsalamuha sa katotohanan upang lumutas ng mga praktikal na suliranin, ibinibigay ang lahat ng kanilang pagsisikap sa pagganap ng kanilang sariling tungkulin at hindi gustong ipasikat ang mga sarili. Ito ang pangunahing pagtatangi sa pagitan ng tunay at huwad na mga pinuno at mga manggagawa. Kung talagang naunawaan ng hinirang na mga tao ng Diyos ang katotohanan, likas silang magkakaroon ng gayong pag-intindi. Mga taong walang anumang katotohanang realidad ang lahat ng mga nakakasamba sa huwad na mga pinuno at mga anticristo. Nalilinlang at nakokontrol lamang ang mga tao dahil wala silang katotohanan. Samakatuwid, hindi dapat tratuhin ng hinirang na mga tao ng Diyos ang mga pinuno at mga manggagawa sa pamamagitan ng pagtuon sa kanilang mga kaanyuan at sa kung nakakapangaral sila o hindi. Ang susi ay ang tingnan kung mabuti o hindi ang kanilang katangian, kung nakakapagsalamuha sila o hindi sa katotohanan at nagagampanan ang praktikal na gawain. Ito ang pinakamahalaga. Kung talagang nakakapagsalamuha sila sa katotohanan at lumulutas ng mga praktikal na suliranin, kung gayon kahit na mayroon silang pangkaraniwang kaanyuan,

mabubuting tao pa rin sila at karapat-dapat sa pagtitiwala. Kung hindi sila nakakapagsalamuha sa katotohanan, gaano man kaganda ang kanilang kaanyuan o kung gaano sila kalikas na matalino, mga basura sila at hindi karapat-dapat pagkatiwalaan. Isang magandang kaanyuan, isang magandang pag-uugali, pagkakaroon ng likas na talino, hindi ipinapakita ng mga bagay na ito na ang isang tao ay may katotohanang realidad. Habang may ordinaryong kaanyuan ang ilang tao at hindi mukhang may magandang pag-uugali, mayroon silang katotohanang realidad, samakatuwid sila ay mga taong nakalulugod sa Diyos at na pinagpala ng Diyos. Dapat na tumuon ang hinirang na mga tao ng Diyos sa pinakabatayan na kung mayroon o walang katotohanang realidad ang isang tao, ito ang prinsipyo sa pagtrato ng mga pinuno at mga manggagawa. Tanging ang mga taong nakakatingin sa mga bagay pati na rin nakakapagtrato ng iba alinsunod sa mga salita ng Diyos ay ang mga may prinsipyo sa kung paano nila ginagawa ang mga bagay at ang mga nauunawaan ang katotohanan at nakapasok sa realidad.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Kailangang malinaw na makita ito ng hinirang na mga tao ng Diyos: Sa pamamagitan ng mahabang proseso ng mga pagsubok, pagpipino, pagtatabas, at pakikitungo ganap na nakakamit ng Diyos ang mga resulta sa pagliligtas at paggawang perpekto ng tao. Kung walo o sampung taong gawain ng Diyos lamang ang nararanasan ng isang tao, nauunawaan ang ilang katotohanan, at may kaunting realidad, imposible para sa kaniya na maging angkop para magamit ng Diyos. Kahit na sadyang ginagawang perpekto ng Diyos ang isang tao, kailangan niyang sumailalim sa hindi bababa sa sampu o dalawampung taon ng mga pagsubok, mga pagpipino, pagtatabas, at pakikitungo upang maging angkop para sa paggamit ng Diyos. Totoo ito. Kahit na mayroon na ngayong gawain ng Banal na Espiritu ang karamihan sa mga pinuno at mga manggagawa sa lahat ng antas ng bahay ng Diyos, hindi ito nangangahulugang angkop sila para

gamitin ng Diyos. Maaaring sabihin ng isa na nakagawa silang lahat ng ilang paglabag at nagpahiwatig ng ilang katiwalian at sumalungat lahat sa katotohanang prinsipyo sa ilang paraan o iba pa. Normal ito sa kalahatan. Kung may gawain ng Banal na Espiritu ang isang pinuno o manggagawa, kahit na nakagawa siya ng ilang paglabag at nagpahiwatig ng ilang katiwalian, hindi siya huwad na pinuno o huwad na manggagawa. Walang sinuman ang dapat sumunggab sa maling paraan ng paggawa ng isang bagay ng iba o sa kanilang mga paglabag o mga pahiwatig ng katiwalian at igiit na sila ay huwad na pinuno o huwad na manggagawa; walang-pasubaling mali ito at hindi alinsunod sa katotohanan. Sapagkat dapat nating kilatisin kung ang isang pinuno o manggagawa ay isang huwad na pinuno o isang huwad na manggagawa batay sa pamantayan ng kung nagtataglay siya o hindi ng gawain ng Banal na Espiritu, at hindi kailanman base lamang sa kung nakagawa siya ng mga paglabag o nagpahiwatig ng mga katiwalian. Kung umasa tayo sa mga palagay at haka ng tao upang hatulan ang mga pinuno at mga manggagawa, walang magiging karapat-dapat na mga tao maski saan, at pagkatapos paano uunlad ang gawain ng Diyos? Paano maisasakatuparan ang kalooban ng Diyos? Magiging suliranin ito. Ginagawa ng Banal na Espiritu ngayon ang gawain ng paggawang perpekto sa tao. Pinamumunuan Niya ang hinirang na mga tao ng Diyos na maranasan ang gawain ng Diyos, pinamumunuan sila na maranasan ang paghatol, pagkastigo, mga pagsubok, at mga pagpipino ng Diyos, at maranasan ang pagtatabas at pakikitungo, at sa wakas, pagkatapos lamang sumailalim sa mas malalaking pagsubok at pagpipino, magagawang perpekto ang mga naghahanap sa katotohanan. Sumailalim na ba ngayon ang mga pinuno at mga manggagawa sa bawat antas sa daan-daang pagsubok at pagpipino? Nararanasan na ba nila ngayon ang mas matinding paghatol at pagkastigo? Hindi. Darating iyon kalaunan. Kaya huwag gumamit ng napakataas na pamantayan upang kilatisin ang mga pinuno at mga manggagawa. Dapat mong gamitin ang mga sumusunod na apat na pamantayan upang kilatisin ang lahat ng pinuno at manggagawa: Una, kailangang sila ay mga taong tunay na hinahanap ang

katotohanan; pangalawa, kailangang walang pasubaling hindi sila masasamang tao; pangatlo, kailangang may kakayahan silang gumawa ng ilang praktikal na gawain; pang-apat, kung gumawa sila ng mga paglabag o may mali sa kanila, kailangang may kakayahan silang tanggapin ang pagtatabas at pakikitungo at makapagsisi. Hangga't natutugunan nila ang apat na pamantayang ito, magagamit sila bilang mga pinuno at mga manggagawa, at kailangang hindi sila matukoy bilang huwad na mga pinuno at huwad na mga manggagawa. Tanging ang mga masasabing walang pagdududang walang gawain ng Banal na Espiritu ang maaaring matawag na huwad na mga pinuno at huwad na mga manggagawa. Inaasahan na matatrato ng hinirang ng Diyos ang mga pinuno at mga manggagawa sa bawat antas nang walang kinikilingan at walang pinapanigan. Kung matuklasan ang huwad na mga pinuno at huwad na mga manggagawa na walang pagdududang walang gawain ng Banal na Espiritu, dapat silang maiulat o tuwirang maalis, na isang pananagutan ng hinirang na mga tao ng Diyos na nakatali sa tungkulin upang tuparin. Mawawalan ng direksyon sa kanilang gawain ang ilang bagong nahalal na pinuno at manggagawa dahil sa kawalan nila ng karanasan, at maaari rin silang gumawa ng mga paglabag at magpahiwatig ng katiwalian, subalit hangga't natutugunan nila ang apat na pamantayang ito, dapat silang maitrato nang may pagmamahal at matiyagang matulungan; ito lamang ang alinsunod sa kalooban ng Diyos. Malinaw na makikita ng sinumang may tunay na karanasan sa gawain ng Diyos ang katotohanang ito: Mayroong napakakaunting mabubuting tao na nakakapagsagawa ng katotohanan ngayon, at sa katunayan napakabihira nila na halos hindi pa nakikita. Samakatuwid halos imposible na pumili ng mga taong totoong naaangkop at itinuturing ng karamihan na nababagay upang maging mga pinuno at mga manggagawa, dahil ang tao ay labis-labis na tiwali. Kailangang baguhin ng hinirang na mga tao ng Diyos ang kanilang mga palagay tungkol sa kung paano kilatisin at tratuhin ang mga pinuno at mga manggagawa sa bawat antas, at dapat nilang tingnan ang mga bagay sa tanglaw ng mga salita ng Diyos at walang kinikilingang mga katotohanan.

Ito lamang ang alinsunod sa katotohanan, sa paggawa lamang nito sila magkakaroon ng wastong pakikisama sa mga pinuno at mga manggagawa ng iglesia sa bawat antas, at saka lamang mapipigilan sa paglitaw ang kaguluhan sa iglesia, at mabisang maiiwasan at malulutas.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

138. Ang mga Prinsipyo ng Pakikitungo sa mga Pinuno at mga Manggagawa na Nakagawa ng mga Paglabag

(1) Dapat na pakitunguhan ng tama ang mga pinuno at mga manggagawang nagtataguyod sa katotohanan ngunit nakagawa ng mga paglabag. Dapat silang tulungan ng may pag-ibig, at hindi dapat atakihin, hatulan, o hulihin;

(2) Dapat na lutasin sa pamamagitan ng pagbabahagi ng katotohanan, pagharap at pagtatabas kung sumasalungat sa mga kaayusan sa gawain ang mga nilinang na mga pinuno at mga manggagawa sa pamamagitan ng paggawa ng gawaing gusto nila.

(3) Dapat na suportahan at tulungan ng may pag-ibig at mapapasok sa katotohanang realidad ang mga pinuno at mga manggagawang may mababaw na karanasan na nakagawa ng mga paglabag ngunit karapat-dapat sa paglilinang.

(4) Kung hindi sila tunay na magsisisi, dapat na mapalitan ang mga pinuno at mga manggagawang nakagawa ng mga mabibigat na paglabag na naging sanhi ng malaking kapinsalaan sa gawain o pag-aari ng bahay ng Diyos.

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Dahil labis-labis na tiwali ang sangkatauhan, ang lahat, bago sila gawing perpekto, ay nakagawa ng mga paglabag, nagpakita ng katiwalian, nakagawa ng mga kamalian sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin, o kahit tumahak ng maling landas. Ito ay tanggap na katotohanan. Gayunman, binibigyan ng bahay ng Diyos ang lahat ng mga pinuno at mga

manggagawa ng pagkakataon upang magsisi paano man sila nakalabag, hangga't hinahanap nila ang katotohanan at may gawain ng Banal na Espiritu. Hangga't mayroon silang mabuting pagkatao, at nagagawang aminin ang kanilang mga kamalian at mga paglabag, may tunay na mataos na pagsisisi, at taos-pusong nagsisisi, ang hinirang na mga tao ng Diyos ay dapat na tanggapin, paniwalaan and sang-ayunan sila, at ituring sila nang wasto.

Naaangkop ang karamihan ng mga pinuno at mga manggagawa na bunga ng mga demokratikong halalan ng iglesia, at kaunti lamang ang hindi talaga nakakagawa ng tunay na gawain. Maaaring mapangkat sa tatlong uri ang mga pinuno at mga manggagawa: Malinaw na may gawain ng Banal na Espiritu ang unang uri at na ganap na karapat-dapat; nakakagawa ng ilang tunay na gawain ang pangalawang uri subalit gumagawa ng ilang mga paglabag at nagpapakita ng ilang katiwalian; hindi nakakagawa ng tunay na gawain ang pangatlong uri at walang gawain ng Banal na Espiritu. Dapat matutunan ng hinirang na mga tao ng Diyos na maintindihan ang mga uring ito ng mga pinuno at mga manggagawa. Maaari lamang ilantad at iulat ng hinirang na mga tao ng Diyos ang pangatlong uri—huwad na mga pinuno at mga manggagawa na hindi nakakagawa ng tunay na gawain at walang gawain ng Banal na Espiritu—at mapapalitan sila sa kanilang mga tungkulin. Ang pangalawang uri—mga pinuno at mga manggagawa na nakakagawa ng ilang tunay na gawain subalit gumagawa ng ilang mga paglabag at nagpapakita ng ilang katiwalian—ay dapat na maituring nang wasto at matulungan nang may mapagmahal na puso; hindi sila kailanman dapat na mabatikos, maisumpa o maparatangan. Mayroon ngunit kaunti ang sa unang uri – mga pinuno at mga manggagawa na ganap na karapat-dapat at may gawain ng Banal na Espiritu. Ang mga taong ito ang pinakamahalaga at kailangang pangalagaan sila ng hinirang ng Diyos, hindi hinahayaan ang sinuman na batikusin, isumpa o paratangan sila. Sa kasalukuyan, masyadong kaunti ang naaangkop na mga pinuno at mga manggagawa sa bahay ng Diyos. Ang pangalawang uri ang pinakamarami, iyong mga nakakagawa ng ilang

tunay na gawain subalit gumagawa ng ilang mga paglabag at nagpapakita ng ilang katiwalian. Dahil hindi nakaranas ang karamihan ng mga pinuno at mga manggagawa ng mas matinding pagtatabas at pakikitungo o malalaking pagsubok at mga pagpipino, pangkaraniwan sa kanila na nakagagawa ng mga paglabag at nagpapakita ng katiwalian, at hindi ito nangangahulugan na masasama o mga makasalanang tao sila. Dapat na ituring sila nang wasto ng hinirang na mga tao ng Diyos. Pinakamahalaga ang pagtulong sa kanila nang may mapagmahal na puso, dahil sa ngayon, katamtamang mahusay na ang mga pinuno at mga manggagawa na nakakagawa ng tunay na gawain. Maaaring ganap na malutas ang mga paglabag at mga pagpapakita ng katiwalian sa pamamagitan ng pakikipagsalamuha tungkol sa katotohanan, at sa pamamagitan ng pagtatabas at pakikitungo; hindi kailanman dapat mabatikos, maisumpa, o mapalayas ang mga taong ito, ni hindi sila dapat na basta mapalitan o maalis. Hangga't mga tao sila na hinahanap ang katotohanan at may bahagyang mabuting pagkatao, kailangan silang pangalagaan ng hinirang ng Diyos, at hindi hayaan ang mga makasalanang tao na makakuha ng isang bagay sa kanila o di-makatwirang batikusin, isumpa o paratangan sila. Hangga't may mabuting pagkatao ang isang pinuno o manggagawa na nakakagawa ng ilang tunay na gawain at hinahanap ang katotohanan, walang alinlangan na maililigtas at magagawang perpekto sila. Tiyak ito. Ang mga may pagkatao na mapaghangad ng masama at na nakakagawa ng lahat ng uri ng kasamaan lamang ang mga makasalanang tao na dapat mapagbawalan at maalis. Walang sinuman ang may karapatan na patuloy na gulu-guluhin ang mga pinuno at mga manggagawa na nakaamin na, nanghinayang at tunay na nagsisi para sa kanilang mga nakaraang paglabag at mga maling gawain. Kung may isang taong tinatalakay ang mga bagay na ito at tumatangging bitiwan ang mga ito, at masidhing ipinagpapatuloy ang usapin, maaari itong ipagpalagay kung gayon bilang paggawa ng kaguluhan mula sa wala, personal na paghihiganti, at pagbatikos, pagparatang at pagsumpa sa mga pinuno at mga manggagawa. Walang alinlangang hindi pahihintulutan ng bahay ng Diyos

na mangyari ang gayong mga bagay. Kung napag-alamang ang isang makasalanang tao ay hindi makatwirang ginugulo-gulo ang isang pinuno o isang manggagawa, kailangang masiyasat ang usapin at taimtim na mapamahalaan. May karapatan ang iglesia na maghiwalay o magtiwalag ng mga makasalanang tao na sinasadyang batikusin o paratangan ang mga pinuno at mga manggagawa.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Nararapat na maunawaan ng hinirang na mga tao ng Diyos kung paano itatrato ang mga pinuno at mga manggagawa sa lahat ng antas ng iglesia. Kailangan nilang makita ang kaibhan ng mabuti sa masama at maintindihan kung ang mga pinuno at mga manggagawa ay mga taong hinahanap ang katotohanan. Mga pinakabatayang kakayahan ang mga ito na dapat taglayin ng hinirang na mga tao ng Diyos. Kung nakikita natin na ang isang pinuno o manggagawa ay isang mabuting tao na naghahanap sa katotohanan, subalit nakagawa ng ilang paglabag o nakagawa ng maling bagay, dapat natin siyang tratuhin nang wasto at tulungan siya nang may pagmamahal. Walang pasubaling hindi natin dapat sunggaban ang mga kamalian o mga paglabag na ito upang isumpa siya, di-makatwirang bansagan siya, at maging napakabigat ng kamay na basta hampasin ang mga tao ng patpat hanggang mamatay; ang gawin ito ay maling pagpaparatang at pagpinsala ng iba. Nakagawa rin ang mabubuting tao ng mga paglabag at minsang nakagawa ng mga kamalian, subalit nakakapagsisi at nakakapagbago ang mabubuting tao. Kaya, anumang mga paglabag na iyong napag-alamang nagawa ng mabubuting tao, o anong mga kamalian ang kanilang nagawa, hangga’t natatanggap nila ang katotohanan, nakikilala ang kanilang mga sarili, at nagsisisi, kung gayon kailangan silang matulungan nang may pagmamahal. Kung mabuting tao ang isang pinuno o manggagawa na hinahanap ang katotohanan, at may isang taong sumunggab sa isang paglabag na kaniyang nagawa at hindi ito bibitiwan hanggang masira nila ang isang pinuno o manggagawa, kung

gayon hindi ba iyon pang-aapi sa kaniya at pagpapahirap sa kaniya? Wala itong ipinagkaiba sa pagpapahirap sa mga tao ng huwad na mga pinuno at mga anticristo. Hindi dapat magpahirap ng iba ang hinirang na mga tao ng Diyos, mas lalong hindi dapat magpahirap ng iba ang mga pinuno at mga manggagawa. Dapat na tratuhin nang wasto ng hinirang na mga tao ng Diyos ang mga pinuno at mga manggagawa, at dapat tratuhin nang wasto ng mga pinuno at mga manggagawa ang hinirang na mga tao ng Diyos. Lahat tayo ay dapat makatarungang tratuhin ang bawa't isa, at damayan ang isa't isa dahil sa pagmamahal. Ito ang paraan ng normal na mga ugnayan ng tao, pati na rin isang palatandaan ng pagpasok sa katotohanang realidad.

……

Dapat na tratuhin ng hinirang na mga tao ng Diyos ang mga pinuno at mga manggagawa sa lahat ng antas ng iglesia sa paraang batay sa katotohanan at pinanghahawakan ang mga prinsipyo. Dapat silang sumuporta, magtaguyod, at makipagtulungan sa mga pinuno at mga manggagawa na mga kaayon ng kalooban ng Diyos, at na nakakalutas ng mga suliranin at nakakagawa ng mga praktikal na bagay para sa hinirang ng Diyos. Dapat na matiyaga nilang tulungan ang mga pinuno at mga manggagawa na iyon na naghahanap sa katotohanan at may gawain ng Banal na Espiritu, subalit maaaring nakalabag at hindi nakamit ang mga minimithing resulta sa kanilang gawain. Maaari silang punahin at sawayin ng hinirang ng Diyos, pati na rin tabasan at pakitunguhan sila, subalit hindi pinahihintulutan na isumpa o paratangan sila, lalong hindi basta iwaksi o alisin sila. Kailangan nilang kumilos batay sa katotohanan at ayon sa prinsipyo. Sa kaso ng mga pinuno at mga manggagawa na hindi ganap na nawala ang gawain ng Banal na Espiritu at nakakagawa pa rin ng ilang praktikal na gawain, kailangang hindi sila kailanman tratuhin ng hinirang na mga tao ng Diyos na huwad na mga pinuno at huwad na mga manggagawa. Dapat na mag-alok lamang sila ng tulong dahil sa pagmamahal, at suportahan sila nang may pagtitiyaga. Ito ang pananagutan ng hinirang na mga tao ng Diyos. Kung hindi nais na magsisi

ng mga pinuno at mga manggagawa na hindi hinahanap ang katotohanan at walang gawain ng Banal na Espiritu, pinapabayaan ang kanilang wastong mga katungkulan at walang-ingat na kumikilos, kailangan silang maalis at maiwaksi. Sa pamamagitan lamang ng mga pagsasagawang ito maaaring mapangalagaan ang gawain ng Diyos at mapanatiling ligtas ang buhay iglesia mula sa pagkagambala. Makabubuti ito sa pagsasakatuparan ng kalooban ng Diyos, pati na rin sa pagpasok sa buhay ng hinirang na mga tao ng Diyos.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Paano mismo dapat ituring ng hinirang na mga tao ng Diyos ang mga pinuno at mga manggagawa sa lahat ng antas? Sa kasalukuyan, mayroon lamang kakaunting huwad na mga pinuno at mga anticristo sa mga pinuno at mga manggagawa sa lahat ng antas. Bagaman karamihan sa mga pinuno at mga manggagawa ay may mga kahinaan, nagpapakita ng katiwalian, o minsang tinahak ang maling landas, at nakagawa ng ilang mga paglabag, hangga’t handa silang magsisi at may gawain ng Banal na Espiritu, dapat silang tulungan nang may pag-ibig ng hinirang na mga tao ng Diyos, at pahintulutan silang magsisi, umunawa, at tumahak sa wastong landas. Ito ang pananagutan ng hinirang na mga tao ng Diyos. Huwag sunggaban ang ilang munting kamalian o paglabag sa pag-asang mapapabagsak ang isang tao; magdudulot iyon ng pinsala at pagdurusa, at isa itong satanikong disposisyon. Hindi simpleng bagay ang magawang perpekto. Sa panahon ng proseso na ginagawang perpekto, kailangang sumailalim ang isang tao sa maraming pagkabigo at magpakita ng maraming katiwalian, subalit hangga’t hinahanap ng isang tao ang katotohanan, garantisado kung gayon ang tagumpay sa huli. Walang takot ang ilang mga pinuno at mga manggagawa habang nararanasan nila ang gawain ng Diyos. Hindi sila nawawalan ng pag-asa gaano karaming beses man silang mabigo at matumba, at nananatili silang naninindigan sa kanilang paghahanap. Hindi sila sumusukong hanapin ang katotohanan

hangga’t may nananatiling kapirasong pag-asa sa kanila, at walang pag-aalinlangan na ang ganitong mga tao ay tiyak na matatamo ang kaligtasan at magagawang perpekto sa huli. Samakatuwid, kahit na mapalitan ang ilang mga pinuno at mga manggagawa dahil hindi nagagawang gampanan ang tunay na gawain, hindi natin sila dapat kapootan, subalit kailangang mag-isip ng mga paraan upang tulungan sila, nang sa gayon makapagsisi sila at maibangon muli ang kanilang mga sarili upang magpatuloy sa paghahanap sa katotohanan; naaayon ang gayong mga pagkilos sa katotohanan at kalooban ng Diyos. Kung dapat mapalitan ang isang tao dahil hindi nagagawang gampanan ang tunay na gawain, kailangan silang mapalitan kung gayon. Gayunman, kailangang hindi bumuo ng mga palagay tungkol sa kanila, bagkus kailangang mag-iwan sa kanila ng isang landas. Ito ang isang bagay na dapat gawin ng mga taong may budhi at katinuan; pananagutan mo ito, at ito ang pag-ibig na dapat mong taglayin. Kung patuloy na tatahakin ng taong iyon ang maling landas, kung gayon maaari mo silang ilantad, sawayin sila, at magpataw ng paghihigpit sa kanila. Subalit kung pumasok sila sa tamang landas pagkatapos, kailangan mo silang suportahan at tulungan kung gayon. Kung sa palagay mo na tinahak nila ang maling landas noon at maaaring patuloy nilang labanan ang Diyos sa kanilang tungkulin, at palagi kang nagpapataw ng mga paghihigpit sa kanila, mali ito kung gayon. Kung nais nilang gumawa ng ilang tunay na gawain para sa hinirang na mga tao ng Diyos at gampanan nang maayos ang kanilang tungkulin, subalit hinihigpitan mo sila, hindi ka ba mali diyan? Hindi ka ba niyan gagawing walang pinagkaiba sa mga huwad na pinuno at mga anticristo? Samakatuwid, iwasan ang mga labis na pagkilos, gawin ang mga bagay alinsunod sa katotohanang prinsipyo, makatarungang ituring ang mga tao, at huwag maging sanhi ng pagdurusa ng ibang tao. May ilang napalitang mga pinuno at mga manggagawa na sinisi ang Diyos at kinapootan ang Diyos pagkatapos. Mga diyablo ang gayong mga tao, at hindi tayo maaaring magkaroon ng habag para sa kanila. Kung hindi nila sinisisi ang Diyos, subalit tunay na nakakapagsisi, kinapopootan ang kanilang mga sarili, at nag-aalok ng pormal na paghingi

ng tawad sa hinirang na mga tao ng Diyos, kung gayon palalalain mo pa rin ba ang kanilang kalagayan? Kailangan mo silang pakitaan ng kaunting habag, lapitan at tulungan sila nang may pag-ibig, at igalang sila at aliwin sila, upang maaari nilang tahaking muli ang tamang landas. Ito ang dapat gawin ng isang taong may pagkatao.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

139. Ang mga Prinsipyo ng Pakikitungo sa mga Huwad na Pinuno at mga Huwad na Manggagawa

(1) Dapat na mapalitan, matanggalan ng kanilang mga titulo, at alisin ang mga huwad na pinuno at mga huwad na manggagawa na may hindi mabuting pagkatao na may kakayahang gumawa ng masama at hindi tinatanggap ang katotohanan sa anumang paraan;

(2) Dapat na mapalitan at maitalaga sa ibang mga tungkulin ang mga huwad na pinuno at mga huwad na manggagawa na hindi nakakagawa ng mga praktikal na gawain dahil sa kanilang hindi mabuting kakayahan.

(3) Dapat na mapalitan at maitalaga sa ibang mga tungkulin ang mga huwad na pinuno at mga huwad na manggagawa na may kabutihan ang pagkatao ngunit hindi itinataguyod ang katotohanan, hindi nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu, at hindi gumagawa ng mga praktikal na gawain;

(4) Maaari pang linangin upang magamit ang mga huwad na pinuno at mga huwad na manggagawa na may kakayahan at abilidad na gumawa ng kaunting praktikal na gawain ngunit kulang sa karanasan at hindi nakalulutas ng mga praktikal na suliranin.

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Mga pinuno at mga manggagawa na hindi nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu ang huwad na mga pinuno at mga manggagawa, at mga hindi nakakagawa ng praktikal na gawain. Kung matagal nang walang gawain ng Banal na Espiritu ang mga pinuno at mga manggagawa, ipinapakita nito na hindi sila mga taong hinahanap ang katotohanan.

Walang-pasubaling ito ay totoo. Nababatid ng hinirang na mga tao ng Diyos na sinumang naniniwala sa Diyos nang walang paghahanap sa katotohanan ay hindi isang taong sasang-ayunan ng Diyos, at kaya't hindi nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu. Hindi nauunawaan ng gayong mga tao ang katotohanan o nakakapasok sa realidad, at hindi maililigtas. Isa itong seryosong suliranin. Mga taong hindi sinasang-ayunan ng Diyos at talagang hindi gagamitin ang mga pinuno at mga manggagawa na walang gawain ng Banal na Espiritu, kaya tinatawag silang huwad na mga pinuno at mga manggagawa. Naibunyag ang lahat ng huwad na mga pinuno at mga manggagawa na hindi hinahanap ang katotohanan sa pamamagitan ng iba't ibang mga pangyayari, mga posisyon, mga reputasyon, at mga kinahihiligan. Katulad ng sinasabi ng kasabihan, "Tulad ng sinusubok ng distansiya ang lakas ng kabayo, ipinapakita rin ng oras ang katotohanan ng puso ng isang tao." Hindi kailanman nagagawa ng mga hindi nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu ang gawain ng pagdidilig at pagbibigay para sa hinirang ng Diyos nang sa gayon makapasok ang huli sa katotohanang realidad. Hindi nila kailanman nagagampanan ang gawain ng pakikipagsalamuha sa katotohanan upang lutasin ang anumang praktikal na mga suliranin na maaaring mayroon ang mga hinirang ng Diyos. Hindi nila kailanman nagagampanan ang mga katungkulang kinakailangan ng pagsasaayos ng gawain. Pagkatapos ng napakahabang panahon, magagawang mawari at maintindihan ng hinirang na mga tao ng Diyos ang mga taong ito. Kapag natukoy ng hinirang ng Diyos ang huwad na mga pinuno at mga manggagawa na ito, na hindi nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu, makatarungan at makatwiran, at isang bagay na inaasahan din, para sa mga taong iyon na maalis o maitalaga sa ibang mga trabaho. Mabuti ito para sa hinirang na mga tao ng Diyos gayundin para sa huwad na mga pinuno at mga manggagawa, upang hindi nila patuloy na maipahamak ang hinirang ng Diyos. Samakatuwid, ganap na naaayon sa kalooban ng Diyos ang pagpapalit ng lahat ng huwad na mga pinuno at mga manggagawa.

Ang huwad na mga pinuno at mga manggagawa ay ang mga hindi

makagawa ng praktikal na gawain na dapat magawa ng mga pinuno at mga manggagawa sa iba’t ibang antas ng iglesia, dahil wala silang gawain ng Banal na Espiritu. Gayunman, sa mga huwad na mga pinuno at mga manggagawa na walang gawain ng Banal na Espiritu, may pagkakaiba pa rin sa dami ng kanilang masasamang gawa at kalidad ng pagkatao, na hindi dapat ituring sa parehong paraan. Pangunahing nahahati ang lahat ng huwad na mga pinuno at mga manggagawa sa sumusunod na tatlong uri. Kailangang makita ng hinirang na mga tao ng Diyos ang kaibhan sa kanila. Mga taong may bahagyang mabuting pagkatao ang unang uri. Nakagawa ng mas kaunting masasamang gawa at nakapukaw ng mas kaunting galit ng publiko ang gayong mga tao. Hindi nila nauunawaan ang katotohanan, dahil maikling panahon pa lamang sila naniniwala sa Diyos o kulang sa pagsuporta at pagtustos ng mga tao na nauunawaan ang katotohanan. Hindi sila nakapasok sa tamang landas ng paniniwala sa Diyos, o wala silang kakayahang normal na hanapin ang katotohanan, dahil sa pagkasangkot at kontrol ng ilang mga bagay. Dapat na ituring ng hinirang na mga tao ng Diyos ang huwad na mga pinuno at mga manggagawa na nasa kategoryang ito nang may pag-ibig at higit na tulong at suporta, upang mayroon pa ring pag-asa na hahanapin nila ang katotohanan at makatatanggap ng kaligtasan. Kinabibilangan ang ikalawang uri ng mga may kalikasan na baluktot at mapanlinlang, at makasarili at kasuklam-suklam; mga tao sila na may hindi mabuting pagkatao. Ang mga taong ito ay may higit na mga paglabag at malalang mga impluwensya na bukod-tanging mahilig humanap ng katayuan at pagnanasa para sa mga kapakinabangan ng katayuan, at nagiging ubod ng sama sa kaunting katayuan sa pamamagitan ng pagpapakasasa sa pag-inom ng alak, pagkain sa labas at pagnanasa. Palagi nilang ginugulo ang kanilang mga tungkulin, at hindi gumagawa ng praktikal na gawain. Mahilig silang kumapit sa kanilang mga posisyon at pagsabihan ang iba. Walang lugar ang Diyos sa mga puso ng mga taong ito, lalong wala silang anumang pakiramdam ng pananagutan. Katulad sila ng mga opisyal ng malaking pulang dragon, nakaupo sa itaas at itinuturing ang lahat na

mababa kaysa sa kanila. Palagi silang nag-uutos at walang tigil na pinipigilan ang hinirang na mga tao ng Diyos, walang pinapalampas na pagtutol. Wala talaga silang pag-ibig. Hindi sila kailanman dumadamay o tumutulong sa iba, lalong hindi lumulutas ng praktikal na mga paghihirap ng mga kapatid. Sa iglesia, parang pulis ang mga taong ito; mga mapanghimasok sila at mapakialam. Sa kabila ng kung anong uri ng gawain ang kanilang ginagawa, walang natatanggap na magandang halimbawa ang mga kapatid, lalong walang tustos ng katotohanan mula sa kanila. Samakatuwid, ang mga gayong tao ang huwad na mga pinuno at mga manggagawa na pinaka-kinamumuhian ng Diyos. Kailangan silang mapalitan at maihiwalay para sa pagninilay. Kung lalaban sila at magdudulot ng pagkagambala, ititiwalag sila. Ang ikatlong uri ay ang mga bukod-tanging mapagmataas at walang pakiramdam na mga tao na tumatangging sundin ang sinuman, kahit umabot sa punto ng kawalang katwiran. Mga masasamang tao silang talaga. Nakikisangkot ang mga taong ito sa lahat ng uri ng kasamaan, pumupukaw ng matinding galit ng publiko, at walang kinikimkim na takot sa kanilang mga puso para sa Diyos. May kaunti silang kakayahan at ilang likas na kahusayan, at may napanghawakang kaunting karanasan, kaya’t pakiramdam nila ay kamangha-mangha sila. Wala silang pinagtutuunan ng pansin; hindi maging ang Diyos. Sa kaunting posisyon, nais nilang ariin ang hinirang na mga tao ng Diyos, kumikilos na para bang sila ang panginoon ng hinirang na mga tao ng Diyos at itinuturing ang hinirang na mga tao ng Diyos bilang kanilang pribadong pag-aari. May kahambugan silang nakikipagpaligsahan sa Diyos para sa hinirang na mga tao ng Diyos upang panatilihin ang mas marami sa kanila sa ilalim ng kanilang kontrol. Walang lugar ang Diyos sa mga puso ng gayong mga tao na hindi kailanman sumasamba sa Diyos. Hindi sila nananalangin sa Diyos sa malaking pagsubok at pagdurusa, lalong hindi hinahangad na buksan ang kanilang mga puso sa Diyos. Pagkatapos makakamit ng katayuan, pinapanatili nila ang kanilang mga sarili sa pinakaitaas at nagsisimula ng pagkaopisyal. Hindi nila itinuturing ang pagsasaayos ng gawain mula sa Itaas bilang sarili nilang mga

tungkulin para sa pagsasakatuparan, ni hindi sila nagpapakita ng anumang pagsunod sa gawain ng Diyos. Masasama silang tao na nasa kategorya ng mga anticristo. Ipinapalagay nilang napakainam ng pagbibigay ng mga kautusan at pag-aayos at pangangasiwa ng ilang pangkalahatang gawain, na para bang nakagawa sila ng ilang mahusay na gawain na nararapat para sa nakahihigit na pagtrato at mga marangyang pagdiriwang. Sa aktwal na katotohanan, wala silang nagawa ni isang katiting na mahalagang gawain sa paglilingkod sa Diyos, ni anumang praktikal na gawain na tunay na nagtutustos sa hinirang na mga tao ng Diyos upang makatamo sila ng pagpasok sa buhay. Wala silang nalutas maski isa sa mga suliraning kinaharap ng mga hinirang ng Diyos sa kanilang mga landas sa pagpasok sa katotohanang realidad, ni hindi nila nagabayan ang hinirang ng Diyos na maunawaan ang isang aspeto ng katotohanan. Ilang administratibong gawain lamang ang nagawa nila upang utus-utusan ang mga tao, na pagkatapos nag-uumapaw sila sa pagpapahalaga sa sarili at pagkamapagmataas, na para bang mga opisyal sila na may mga kahanga-hangang tagumpay. Anong nagbigay karapatan sa kanila na matamasa ang mga pagpapala ng katayuan? Wala talaga silang mga hiya! Hindi kailanman sineseryoso ng gayong masasamang tao ang pagsasaayos ng gawain mula sa Itaas. Kung napag-alamang nakasasama o mapanganib sa kanilang mga reputasyon at mga posisyon ang mga pagsasaayos ng gawain, pipigilin nila ang mga pagsasaayos ng gawain na iyon, sisiraan at pipintasan ang halaga at katuturan ng mga ito, at igigiit pa na nagmula ang mga ito sa tao sa halip na sa Diyos, at pagkatapos gagamitin ito bilang paraan ng pag-uudyok sa mga tao na pabayaan ang mga pagsasaayos ng gawain na iyon. Hindi ba ito mga pag-uugali na lumalaban sa Diyos? Hindi ba ito retorika para sa pagpapanatili ng kanilang mga reputasyon at mga posisyon? Hindi ba ito pagbubunyag ng kanilang kalikasan ng anticristo? Tinatanggihan ng gayong mga tao ang paghatol at pagkastigo ng Diyos. Hindi rin nila tinatanggap ang pagtatabas at pakikitungo; iniisip nila na hindi sila makakanti, tulad ng pigi ng isang tigre. Paano nila nagagawang sabihin na nararanasan nila ang gawain ng Diyos! Landas ng mga anticristo ang

tinatahak ng masasamang taong ito. Ang sinumang mga pinuno at mga manggagawa na hindi nagagawang ituring nang wasto ang pagsasaayos ng mga gawain at mahigpit na sundin ang mga ito para sa pagpapatupad ay maaaring ipalagay bilang may masamang hangarin. Wala sa kanila ang masunurin sa gawain ng Diyos. Samakatuwid, sinumang huwad na mga pinuno at mga manggagawa na humahatol, pumipintas o pumipigil sa mga pagsasaayos ng gawain ay kailangang mapalitan at maihiwalay para sa pagninilay. Kung patuloy na hahawak ng kapangyarihan ang mga masasamang tao na ito, hindi mailalarawan ng isip ang mga sakuna at mga kahihinatnan na dinadala nila sa hinirang na mga tao ng Diyos. Nang walang anumang pagpapakita ng pagsisisi, dapat na maitiwalag ang gayong huwad na mga pinuno o mga manggagawa dahil sila ang pinakamasama sa mga huwad na mga pinuno at mga manggagawa.

Kailangang makita ang kaibhan at maituring nang magkakaiba ang tatlong uri ng mga tao sa itaas na huwad na mga pinuno at mga manggagawa. Mga taong may bahagyang mabuting pagkatao ang unang uri. Mga kapatid pa rin sila na dapat ituring nang may pag-ibig. Maaari silang paglaanan ng ibang mga tungkulin upang gampanan, subalit hindi sila maaaring pahintulutang umako ng mga pangunahing katungkulan; angkop lamang sila sa pagtupad ng palatulong o ibang mga tungkulin. Mga taong may masamang pagkatao ang ikalawang uri na kailangang mapalitan at maihiwalay upang makapagnilay sila sa sarili. Maaari silang pahintulutang gawin ang kanilang mga tungkulin sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng ebanghelyo bilang isang pagkakataon para sa pagsisisi. Mga masasamang tao na mga anticristo ang ikatlong uri, na sadyang mapagmataas at matigas sa kanilang palagay, at palaging ninanais na kontrolin ang hinirang na mga tao ng Diyos. Bagaman hindi sila nakisangkot sa pagtatatag ng isang malayang kaharian, dahil lamang ito sa kawalan ng pagkakataon. Batay sa kanilang kalikasang diwa, mangyayari rin kalaunan na makikisangkot sila sa pagtatatag ng kanilang malayang kaharian. Samakatuwid, kailangang mapalitan at maihiwalay para sa pagninilay ang ganitong uri ng masasama, mapagmataas, at lubos na

masuwayin na mga tao. Maaari lamang silang pahintulutang mangaral ng ebanghelyo kung handa silang gawin ang kanilang mga tungkulin. Napakaraming kasamaan ang kanilang nagawa at malubhang nakapinsala ng iba, nang hindi gumagawa ng anumang praktikal na gawain; samakatuwid kailangan nilang ipangaral ang ebanghelyo at makumbinsi ang mga tao upang makabawi sa kanilang mga paglabag. Ang pagpapalaganap ng ebanghelyo ang pinaka-angkop na tungkulin para gampanan nila. Kung hindi sila gaganap ng anumang tungkulin, kung gayon maaari silang itiwalag ng iglesia.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Walang masamang pagkatao ang ilang huwad na mga pinuno at mga manggagawa. Iyon lamang, dahil sa kanilang mga tiwaling disposisyon, at dahil hindi nila nauunawaan ang katotohanan, kapag may nakakaharap silang usapin, may gawi silang sinusunod ang iba, ginagawa ang anumang ginagawa ng iba, iniisip na sa gayong pagkilos ay wala silang ginagawang mali—sa resulta na dumarating lamang sa kanila ang kamalayan kapag sila ay nailantad, natabasan, at napakitunguhan ng Itaas. Saka lamang nila napagtatanto na mali ang kanilang pag-uugali, at salungat sa mga katotohanang prinsipyo. Kung nagagawang tanggapin ng mga taong ito ang katotohanan at isinasama ang mga salita ng Diyos sa kanilang pagninilay sa sarili, kung nagagawa nilang kilalanin na hindi nila tinutupad ang mga pananagutan ng mga pinuno at mga manggagawa ng iglesia, at na ang totoo ay naaakay ng mga puwersa ni Satanas para walang-ingat na kumilos at gumawa ng kasamaan, at nakikita ang landas sa pagsasagawa at pagbabago sa mga salita ng Diyos, pagkamit ng pag-unawa ng salita ng Diyos ang katotohanan, at pagkakaroon ng tunay na pagsisisi, kung gayon ito ay pag-unlad. Paano dapat ituring ng bahay ng Diyos ang huwad na mga pinuno at mga manggagawa na ito? Kung tunay silang mga taong hinahanap ang katotohanan, maaari silang manatili kung gayon. Kung karapat-dapat silang linangin, maaari silang patuloy na malinang. Subalit

kung napakasalat ng kanilang kakayahan, kung hindi pa rin nila kilala ang mga sarili, at walang nakamit, at walang pinagsisihan, dapat silang alisin kung gayon. Makatarungan at makatwiran ang gayong pagtrato sa mga tao. Ang kalooban ng Diyos at ang prinsipyo ng Kanyang gawain ay ang iligtas ang tao sa pinakaposibleng makakaya. Dapat na makatarungan at batay sa realidad ang mga pagkilos ng bahay ng Diyos, na ganap na naaayon sa kalooban ng Diyos at sa mga salita ng Diyos. Sa ngayon, may ilang mga tao na hindi bibitawan ang mga usaping may kinalaman sa mga pinuno at mga manggagawa. Inilalantad nila ang mga ito nang isang beses, pagkatapos kalaunan itataas nila ang mga ito upang mailantad muli. Hindi ba ito pagtatangkang magsulsol ng isang kilusan at pagiging malupit sa mga tao? Nailantad mo na ang suliranin sa kanila, at kinilala na nila ito at nagsisi, kaya bakit hindi mo ito mabitawan? Ito ba ang taong may prinsipyo sa pangangasiwa ng mga bagay? Ito ba ang tamang paraan ng pagturing sa mga pinuno at mga manggagawa? Naglalaman ang mga pagsasaayos ng gawain ng malinaw na mga prinsipyo sa kung paano haharapin ang mga pinuno at mga manggagawa sa lahat ng antas, lalo na ang huwad na mga pinuno at mga manggagawa, samakatuwid dapat silang harapin ayon sa pagsasaayos ng gawain: maaaring manatili upang magamit ang mga naghahanap sa katotohanan at tunay na nagsisisi; para sa mga tunay na kilala ang kanilang mga sarili, at nagsisisi, subalit walang kakayahang gumawa ng totoong gawain dahil napakasalat ng kanilang kakayahan, dapat na magsaayos ng alternatibong mga tungkulin; para sa mga masasama, na may masamang pagkatao, at hindi hinahanap ang katotohanan, maaari silang tuwirang palitan at alisin. Ganoon iyon kasimple. Nangulimbat at lumustay ang ilang huwad na mga pinuno at mga manggagawa ng maraming handog na ginawa para sa bahay ng Diyos. Kailangang lubos na siyasatin ang mga taong ito na gumagawa ng lahat ng uri ng kabuktutan at kabilang sa mga anticristo. Kailangang mapagtibay kung gaano karaming mga handog sa Diyos ang kanilang nakulimbat, kung magkano ng salapi ng bahay ng Diyos ang kanilang nalustay, at kailangang mabayaran isa-isa ang mga pagkakautang na ito. Dagdag pa, kung mga

pinuno at mga manggagawa sila sa loob ng ilang taon, kailangan linawin, isa-isa, kung gaano karaming mga tao ang kanilang itiniwalag na hindi alinsunod sa mga prinsipyo, kung naibalik ba ang mga taong ito, kung gaano karaming mga tao ang napigilan nila sa pagtatamo ng kaligtasan, at kung gaano kalaking pinsala ang nagawa nila sa mga buhay ng mga kapatid. May simula at wakas ang gawain ng Diyos; tulad ng sinimulan ng Diyos ang Kanyang gawain, kailangan Niya rin itong tapusin, at pagdating ng panahon, tatangis at magngangalit ng kanilang mga ngipin ang mga gumagawa ng lahat ng uri ng kasamaan, at wala ni isa sa kanila ang makakatakas!

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

Pangunahing nakabatay sa mga sumusunod na apat na prinsipyo ang pag-intindi at pamamahala sa huwad na mga pinuno, huwad na mga manggagawa at mga anticristo.

Una, ang mga ipinapalagay ng karamihan ng mga tao na mayroong bahagyang mabuting pagkatao at nakagawa ng bahagyang kaunting kasamaan, nakakagawa pa rin ng ilang akwtal na gawain at tunay na nagsisisi, ay maaaring panatilihin ang kanilang orihinal na posisyon at magpatuloy sa paggawa.

Ikalawa, ang mga ipinapalagay ng karamihan ng mga tao na mayroong bahagyang mabuting pagkatao at nakagawa ng bahagyang kaunting kasamaan, subalit hindi makagawa ng aktwal na gawain dahil maikling panahon pa lamang sila naniniwala sa Diyos at hindi nauunawaan ang katotohanan: Kung bahagyang mabuti ang kanilang kakayahan at mayroon silang halagang linangin, maaaring isaayos muna sila bilang isang manggagawa at malinang, subalit hindi maaaring gawing isang pinuno sa ngayon; kung bahagyang salat ang kanilang kakayahan at wala silang halagang linangin, kailangan silang mapalitan kung gayon at isaayos upang tumupad ng ibang mga tungkulin.

Ikatlo, ang mga mayroong bahagyang masamang pagkatao, may posibilidad na gumawa ng mas maraming kasamaan, hindi inaasikaso ang

kanilang wastong mga tungkulin, kumikilos nang walang ingat, at hindi isinasagawa ni iniibig ang katotohanan kailanman, at sa halip hinahanap lamang ang katayuan, katanyagan, at pakinabang, at hindi nagtataglay ng anumang katotohanang realidad—handa man sila o hindi na magsisi, kailangang mapalitan ang mga taong ito at maihiwalay upang makapagnilay sila sa sarili, at maaari lamang italaga sa tungkulin ng pagpapalaganap ng ebanghelyo.

Ikaapat, iyong mga uring anticristo na masama, mapagmataas, walang katinuan at walang anumang katotohanang realidad, palaging may mga hangarin na kontrolin ang hinirang na mga tao ng Diyos, tumatangging aminin ang kanilang mga kamalian at may katigasan ang ulong tumatanggi hanggang sa pinakahuli kapag tinatabasan at pinakikitunguhan, ay kailangang mapalitan at maihiwalay para sa pagninilay handa man sila o hindi na magsisi, at maaari lamang maisaayos upang gampanan ang tungkulin ng pagpapalaganap sa ebanghelyo. Kung tatanggi silang magpasakop at hindi nais na tuparin ang mga tungkulin, ibinubunyag nitong lalo kung gayon na mga anticristo sila. Ang mga demonyong ipinapalagay na mga anticristo ay kailangang maitiwalag.

Ang mga ito ang apat na prinsipyo para sa pamamahala ng huwad na mga pinuno at mga manggagawa. Ang mga pinuno ng lahat ng antas ng iglesia ay kailangang harapin at itrato ang huwad na mga pinuno at mga manggagawa alinsunod sa apat na prinsipyo na ito. Hindi magiging mali na magsagawa sa gayong paraan. Hangga’t maaaring magawa ang pagpapasiya, batay sa mga pananaw ng karamihan ng mga kasapi ng iglesia, sa kung nagtataglay ang mga taong ito ng pagkatao at kung gaano karaming kasamaan ang kanilang nagawa, kung gayon mapaghihiwalay sa mga kategorya ang mga taong iyon, at magagawang malinaw kung mabuti sila o masama. Kung napatunayang mabuting tao ang isang tao, dapat silang mabigyan ng pagkakataon at matulungan nang may pag-ibig. Kung napatunayang may masamang pagkatao ang isang tao o na isang napakasamang tao, kailangan silang mapalitan at maalis kung gayon. Ito ang pangunahing prinsipyo para sa pamamahala ng huwad na mga pinuno

at mga manggagawa. Kailangang hindi pahintulutan ng bahay ng Diyos ang mga taong may masamang pagkatao o ang mga napakasamang tao na maging mga pinuno o mga manggagawa sa anumang antas ng iglesia. Sinumang nagtataguyod o gumagamit sa mga taong may masamang pagkatao o sa mga napakasamang tao ay dapat itrato na kapareho ng isang napakasamang tao. Ang prinsipyo ng bahay ng Diyos sa pamamahala ng huwad na mga pinuno at mga manggagawa ay ang magtaguyod ng mabubuting tao at magbawal ng masasamang tao. Mabubuting tao lamang ang mga taong maaaring mailigtas at may pag-asang mailigtas at magawang perpekto. Maaari pa ring mailigtas ang isang taong may masamang pagkatao na tunay na naniniwala sa Diyos, subalit ang isang napakasamang tao ay isang taong di-maaabot ang kaligtasan. Kailangan mong mahigpit na alalahanin sa iyong puso ang mga salitang ito. At hindi ka magkakamali kailanman kung itatrato mo ang mga tao alinsunod sa prinsipyong ito.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

140. Ang mga Prinsipyo ng Pakikitungo sa mga Kilalang Taong Panrelihiyon

(1) Mga relihiyosong nagmamarunong ang lahat ng mga tanyag na tao at mga sikat na pinuno ng mundo ng relihiyon na hindi pinagtibay ng Diyos. Nakalilito sa mga tao at sumasalungat sa Diyos ang lahat ng kanilang mga ideya at teorya;

(2) Gaano man kalawak ang kanilang kaalaman sa Biblia, hindi kilala ng lahat ng mga tanyag na tao at mga sikat na pinuno ng mundo ng relihiyon ang Diyos, at Siya ay nilalabanan nila. Sa mga anticristo ang landas na tinatahak nila;

(3) Kung hindi kayang masumpungan ng mga kilalang taong panrelihiyon na ito ang totoong daan o tanggapin ang gawain ng Diyos sa mga huling araw, sila ay mga mapagpaimbabaw, at katulad sila ng mga anticristo;

(4) Dapat na patuluyin ang mga kilalang taong panrelihiyon na kayang tanggapin ang katotohanan at hinahangad ang totoong daan. Inililigtas ng Diyos ang mga tao hangga't maaari.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Masdan mo lang ang mga pinuno ng bawat denominasyon—lahat sila'y mapagmataas at mapagmalinis, at binibigyang-kahulugan nila ang Biblia nang wala sa konteksto at ayon sa kanilang sariling imahinasyon. Lahat sila'y umaasa sa mga kaloob at pag-aaral sa paggawa ng kanilang gawain. Kung sila'y walang kakayahang mangaral ng anuman, susunod ba sa kanila ang mga taong iyon? Sila, kung sa bagay, ay nagtataglay ng kaunting kaalaman, at makakapangaral ng ilang doktrina, o alam kung paano makaakit ng iba at paano gumamit ng ilang pagkukunwari. Ginagamit nila ang mga ito para dalhin ang mga tao sa harapan nila at linlangin sila. Sa pangalan, ang mga taong iyon ay naniniwala sa Diyos, nguni't sa realidad sinusunod nila ang kanilang mga pinuno. Kung nakakatagpo sila ng sinumang nangangaral ng tunay na daan, ang ilan sa kanila'y nagsasabing, "Kailangang konsultahin namin ang aming pinuno tungkol sa aming pananampalataya." Ang kanilang pananampalataya ay dapat dumaan sa isang tao; hindi ba problema iyan? Nagiging ano na kung gayon ang mga pinunong iyan? Hindi ba sila nagiging mga Fariseo, huwad na mga pastol, mga anticristo, at mga katitisuran sa pagtanggap ng mga tao sa tunay na daan? Ang mga ganyang tao ay kaparehong uri ni Pablo. Bakit sinasabi ito? Ang mga liham na sinulat ni Pablo ay halos dalawang libong taon na at sila ay lumaganap sa buong Kapanahunan ng Biyaya. Ang lahat ng mga tao ay kumain at uminom ng mga salita niyang ito at kinuha ang kanyang mga salita bilang pamantayan, tulad ng pagdurusa, pagdidisiplina sa sariling katawan, at ang pangwakas na korona ng pagkamatuwid. Ang mga tao ay naniwala sa Diyos alinsunod sa kanyang mga salita at kanyang mga doktrina. Gaano sa kalooban ng Diyos ang maaaring naunawaan ng mga tao sa panahon ng Kapanahunan ng Biyaya? Kahit na, yaong mga sumunod kay Jesus nang panahong iyon ay nasa minorya, at yaong nakakilala sa Kanya at mas kakaunti – kahit na ilan

sa Kanyang mga disipulo ang hindi talagang nakakilala sa Kanya. Hindi maaaring sabihin ng isa na isang maliit na ilaw ang nakikita ng tao sa loob ng mga pahina ng Biblia na kumakatawan sa kalooban ng Diyos. Higit na mababang maaaring sabihin na isang maliit na kaliwanagan ay nangangahulugan ng isang pagkaunawa sa Diyos. Ang mga tao ay mayayabang at mapagmataas at hindi nila tangan ang Diyos sa kanilang mga puso. Kasama ang kaunting pangdoktrinang pagkaunawa, itinatag nila para sa kanilang mga sarili at nagbuo ng maraming denominasyon.

Hinango mula sa “Tanging ang Paghahabol sa Katotohanan ang Tunay na Paniniwala sa Diyos” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Bakit ko sinasabi na ang mga nasa relihiyosong mundo ay hindi nananampalataya sa Diyos kundi mga masasamang tao, mga kauri ng diyablo? Kapag sinabi kong sila ay masasamang tao, ito ay dahil hindi nila nauunawaan ang kalooban ng Diyos at hindi nila kayang makita ang Kanyang karunungan. Hindi kailanman ibinubunyag ng Diyos ang Kanyang gawain sa kanila. Sila ay mga bulag. Hindi nila nakikita ang mga gawa ng Diyos, sila ay tinalikdan na ng Diyos, at ganap na walang pangangalaga at pag-iingat ng Diyos, pati na rin ang gawain ng Banal na Espiritu. Ang lahat ng mga walang gawain ng Diyos ay masasamang tao at kalaban ng Diyos. Ang sinasabi ko na pagsalungat sa Diyos ay tumutukoy sa mga hindi nakakakilala sa Diyos, ang mga kumikilala sa Diyos sa kanilang mga pananalita ngunit hindi nakakakilala sa Kanya, mga sumusunod sa Diyos ngunit hindi tumatalima sa Kanya, at mga nagsasaya sa biyaya ng Diyos ngunit hindi kayang tumayo bilang saksi Niya. Kung walang pagkaunawa sa layunin ng gawain ng Diyos o pagkaunawa sa gawain na ginagawa ng Diyos sa tao, hindi siya magiging kaayon ng kalooban ng Diyos, at hindi niya magagawang tumayong saksi ng Diyos. Ang dahilan kung bakit sumasalungat ang tao sa Diyos ay nagmumula, sa isang banda, sa kanyang tiwaling disposisyon, at sa kabilang banda, sa kamangmangan tungkol sa Diyos at sa kakulangan ng pagkaunawa sa mga prinsipyo kung paano gumagawa ang Diyos, at sa Kanyang kalooban para sa tao. Ang

dalawang aspetong ito, kung pagsasamahin, ay bumubuo sa isang kasaysayan ng paglaban ng tao sa Diyos. Ang mga baguhan sa pananampalataya ay sumasalungat sa Diyos dahil ang ganoong pagsalungat ay nasa kanilang kalikasan, samantalang ang pagsalungat sa Diyos ng mga maraming taon nang nananampalataya ay mula sa kanilang kamangmangan tungkol sa Kanya, bukod pa sa kanilang tiwaling disposisyon. Noong panahon bago nagkatawang-tao ang Diyos, ang sukatan kung ang isang tao ay sumalungat sa Diyos ay batay sa kung tinupad niya ang mga kautusang itinakda ng Diyos sa langit. Halimbawa, sa Kapanahunan ng Kautusan, ang sinumang hindi tumupad sa mga kautusan ni Jehova ay itinuring na sumalungat sa Diyos. Ang sinumang nagnakaw ng mga handog kay Jehova, o ang sinumang nanindigan laban sa mga pinaboran ni Jehova, ay itinuring na sumalungat sa Diyos at pupukulin ng bato hanggang kamatayan. Ang sinumang hindi gumalang sa kanyang ama at ina, at ang sinumang nanakit o nanumpa ng kapwa, ay itinuring na hindi tumupad sa mga kautusan. At ang lahat ng hindi tumupad sa kautusan ni Jehova ay itinuring na mga nanindigan laban sa Kanya. Hindi na ganito sa Kapanahunan ng Biyaya, kung kailan ang sinumang nanindigan laban kay Jesus ay itinuring na nanindigan laban sa Diyos, at ang sinumang hindi sumunod sa mga salitang binigkas ni Jesus ay itinuring na nanindigan laban sa Diyos. Sa panahong ito, ang paraan ng pagtukoy sa pagsalungat sa Diyos ay naging mas tumpak at mas praktikal. Sa panahong hindi pa nagkatawang-tao ang Diyos, ang sukatan kung sumalungat ang tao sa Diyos ay batay sa kung ang tao ay sumamba at tumingala sa di-nakikitang Diyos na nasa langit. Ang paraan ng pagtukoy sa pagsalungat sa Diyos sa panahong iyon ay tunay ngang hindi praktikal, dahil hindi kayang makita ng tao ang Diyos, at hindi niya alam kung ano ang imahe ng Diyos, o kung paano Siya gumawa at nagsalita. Walang mga kuro-kuro ang tao sa Diyos, at ang paniniwala niya sa Diyos ay hindi malinaw, dahil hindi pa nagpakita ang Diyos sa tao. Samakatuwid, paano man naniwala sa Diyos ang tao sa kanyang imahinasyon, hindi hinatulan ng Diyos ang tao o kaya ay gumawa ng maraming kahilingan mula sa

kanya, sapagkat hindi talaga kayang makita ng tao ang Diyos noon. Nang nagkatawang-tao ang Diyos at pumarito upang gumawa kasama ng mga tao, ang lahat ay napagmasdan Siya at napakinggan ang Kanyang mga salita, at nakita ng lahat ang mga gawa na ginagawa ng Diyos mula sa Kanyang katawang-tao. Sa sandaling iyon, ang lahat ng kuro-kuro ng tao ay naging mga bula. At para sa mga nakakita na sa pagkakatawang-tao ng Diyos, hindi sila hahatulan kung kusang-loob silang tatalima sa Kanya, samantalang ang mga sadyang naninindigan laban sa Kanya ay ituturing na kalaban ng Diyos. Ang mga taong ito ay mga anticristo, mga kaaway na sadyang naninindigan laban sa Diyos. Ang mga nagkikimkim ng mga kuro-kuro tungkol sa Diyos ngunit nakahanda pa rin at nagnanais na sumunod sa Kanya ay hindi mahahatulan. Hinahatulan ng Diyos ang tao batay sa kanyang mga layunin at mga kilos, hindi kailanman sa kanyang mga kaisipan at ideya. Kung hahatulan ng Diyos ang tao batay sa kanyang mga kaisipan at mga ideya, wala ni isang tao ang makatatakas mula sa puno ng galit na mga kamay ng Diyos. Ang mga sadyang naninindigan laban sa Diyos na nagkatawang-tao ay parurusahan dahil sa kanilang pagsuway. Tungkol sa mga taong ito na sadyang naninindigan laban sa Diyos, ang kanilang pagsalungat ay nagmumula sa katunayan na nagkikimkim sila ng mga kuro-kuro tungkol sa Diyos, na umaakay sa kanila sa mga pagkilos na nakagagambala sa gawain ng Diyos. Ang mga taong ito ay sadyang lumalaban at sumisira sa gawain ng Diyos. Hindi lamang sila nagtataglay ng mga kuro-kuro tungkol sa Diyos, nakikibahagi rin sila sa mga aktibidad na gumagambala sa Kanyang gawain, at dahil dito ang ganitong klase ng mga tao ay mahahatulan. Ang mga hindi sadyang gumagambala sa gawain ng Diyos ay hindi huhusgahan bilang mga makasalanan, sapagkat nagagawa nilang sumunod nang maluwag sa kanilang kalooban at hindi sila nakikibahagi sa mga aktibidad na nagdudulot ng paggambala at kaguluhan. Ang mga taong gaya nito ay hindi parurusahan. …

Ang sinumang hindi nakauunawa sa layunin ng gawain ng Diyos ay sumasalungat sa Kanya, at ang nakauunawa sa layunin ng gawain ng Diyos ngunit hindi pa rin naghahangad na mabigyang-kasiyahan ang Diyos

ay lalo pang higit na ituturing na kalaban ng Diyos. Mayroong mga nagbabasa ng Biblia sa mga malalaking iglesya at nagsasalaysay nito nang buong araw, ngunit wala ni isa sa kanila ang nakauunawa sa layunin ng gawain ng Diyos. Wala ni isa sa kanila ang nakakilala sa Diyos, lalong wala ni isa sa kanila ang nakaayon sa kalooban ng Diyos. Lahat sila ay walang halaga, masasamang tao, bawat isa ay nagpapakataas upang pangaralan ang Diyos. Sadya nilang sinasalungat ang Diyos kahit na dala-dala nila ang Kanyang bandila. Sinasabi nilang sila ay nananampalataya sa Diyos, subalit kumakain pa rin sila ng laman at umiinom ng dugo ng tao. Ang lahat ng ganitong tao ay mga diyablong lumalamon sa kaluluwa ng tao, mga pinunong demonyo na sadyang humahadlang sa mga sumusubok na tumapak sa tamang landas, at mga balakid na nakasasagabal sa mga naghahanap sa Diyos. Sila ay tila may "mahuhusay na konstitusyon," ngunit paano malalaman ng kanilang mga tagasunod na sila ay walang iba kundi mga anticristo na umaakay sa mga tao na manindigan laban sa Diyos? Paano malalaman ng kanilang mga tagasunod na sila ay mga nabubuhay na diyablo na nakatuon sa paglamon ng mga kaluluwa ng tao? Ang mga nagpaparangal sa kanilang sarili sa harap ng Diyos ang pinakahamak sa mga tao, samantalang ang mga nagpapakumbaba ang pinakamarangal. At ang mga nag-aakala na alam nila ang gawain ng Diyos at, higit pa rito, ay kayang magpahayag ng gawain ng Diyos sa iba nang may pagpapasikat kahit pa sila ay direktang nakatingin sa Kanya—sila ang mga pinakamangmang sa mga tao. Ang ganitong mga tao ay walang patotoo ng Diyos, mapagmataas at puno ng kayabangan. Ang mga naniniwala na lubhang kakaunti ang kanilang kaalaman sa Diyos, sa kabila ng kanilang aktuwal na karanasan at praktikal na kaalaman tungkol sa Kanya, ang mga pinakamamahal Niya. Tanging ang mga ganitong tao ang tunay na may patotoo at tunay na magagawang perpekto ng Diyos.

Hinango mula sa "Lahat ng Taong Hindi Nakakakilala sa Diyos ay mga Taong Sumasalungat sa Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Bakit sinasabi na lipas na sa panahon ang mga pagsasagawa ng mga

nasa relihiyosong iglesia? Ito ay dahil ang kanilang isinasagawa ay hiwalay mula sa mga gawain ngayon. Sa Kapanahunan ng Biyaya, ang kanilang isinasagawa ay tama, ngunit habang lumilipas ang kapanahunan at nagbabago ang gawain ng Diyos, ang mga pagsasagawa nila ay unti-unti na ring nilipasan ng panahon. Ito ay naiwan na ng bagong gawain at ng bagong liwanag. Batay sa orihinal nitong saligan, ang gawain ng Banal na Espiritu ay nakasulong na ng maraming hakbang na palalim. Ngunit ang mga taong yaon ay nananatili pa ring nakadikit sa orihinal na yugto ng gawain ng Diyos, at kumakapit pa rin sa mga lumang pagsasagawa at sa lumang liwanag. Maaaring magbago nang malaki ang gawain ng Diyos sa paglipas ng tatlo o limang taon, kaya hindi ba't mas malaki pang mga pagbabago ang mangyayari sa loob ng 2,000 taon? Kung ang tao ay walang bagong liwanag o pagsasagawa, ito ay nangangahulugang siya ay hindi na nakasabay sa gawain ng Banal na Espiritu. Ito ang pagkabigo ng tao; ang pag-iral ng bagong gawain ng Diyos ay hindi maipagkakaila dahil, ngayon, ang mga dati nang nakaranas ng gawain ng Banal na Espiritu ay sumusunod pa rin sa mga lumang pagsasagawa. Ang gawain ng Banal na Espiritu ay laging sumusulong, at ang lahat ng nasa agos ng Banal na Espiritu ay nararapat ding sumusulong palalim at nagbabago baitang-baitang. Hindi sila dapat tumigil sa isang yugto. Ang mga hindi lamang nakakaalam sa gawain ng Banal na Espiritu ang mananatili sa kalagitnaan ng Kanyang orihinal na gawain, at hindi tatanggapin ang bagong gawain ng Banal na Espiritu. Tanging ang mga masuwayin ang hindi makakayanang makamit ang gawain ng Banal na Espiritu. Kung ang pagsasagawa ng tao ay hindi sumasabay sa bagong gawain ng Banal na Espiritu, ang pagsasagawa ng tao ay tiyak na napuputol mula sa gawain ngayon at siguradong hindi kaayon ng gawain ngayon. Ang gayong mga taong lipas na sa panahon ay talagang walang kakayahang tuparin ang kalooban ng Diyos, at lalo nang hindi sila maaaring maging mga tao na tatayong patotoo sa Diyos sa huli. Ang buong gawaing pamamahala, higit pa rito, ay hindi matatapos sa kalagitnaan ng ganoong kalipunan ng mga tao. Sapagka't yaong mga dating kumapit sa kautusan ni Jehova, at yaong mga minsang

nagdusa dahil sa krus, kung hindi nila matatanggap ang yugto ng gawain ng mga huling araw, kung gayon ang lahat ng kanilang ginawa ay mawawalan ng saysay, at walang kabuluhan. Ang pinakamalinaw na pagpapahayag ng gawain ng Banal na Espiritu ay nasa pagyakap sa naririto ngayon, hindi pagkapit sa nakaraan. Yaong mga hindi na nakasabay sa gawain ng ngayon, at silang mga napahiwalay na mula sa pagsasagawa ng ngayon, ay yaong mga lumalaban at hindi tumatanggap sa gawain ng Banal na Espiritu. Ang mga taong iyon ay lumalaban sa kasalukuyang gawain ng Diyos. Bagama't kumakapit sila sa liwanag ng nakaraan, hindi maitatatwa na hindi nila alam ang gawain ng Banal na Espiritu. Bakit mayroong mga usapan tungkol sa mga pagbabago sa pagsasagawa ng tao, sa mga pagkakaiba sa pagsasagawa sa pagitan ng nakalipas at ngayon, kung paanong ang pagsasagawa ay isinakatuparan sa nakaraang kapanahunan, at kung paano ito isinasagawa ngayon? Ang ganoong paghahati-hati sa pagsasagawa ng tao ay laging sinasalita dahil ang gawain ng Banal na Espiritu ay patuloy na sumusulong, at sa gayon, ang pagsasagawa ng tao ay kailangan ding patuloy na magbago. Kung ang tao ay nananatiling nakakapit sa isang yugto, kung gayon ito ay nagpapatunay na wala siyang kakayahan sa pagsabay sa bagong gawain ng Diyos at bagong liwanag; hindi ito nagpapatunay na ang plano sa pamamahala ng Diyos ay hindi na nagbago. Yaong mga nasa labas ng agos ng Banal na Espiritu ay laging nag-iisip na sila ay tama, ngunit sa katunayan, ang gawain ng Diyos sa kanila ay matagal nang tumigil, at ang gawain ng Banal na Espiritu ay wala sa kanila. Ang gawain ng Diyos ay matagal nang inilipat sa isa pang kalipunan ng mga tao, isang kalipunan kung kanino Niya hinahangad na tapusin ang Kanyang bagong gawain. Dahil yaong mga nasa relihiyon ay walang kakayahang tanggapin ang bagong gawain ng Diyos, at kumakapit lamang sa lumang gawain ng nakaraan, kaya't tinalikuran na Niya ang mga taong ito, at ginagawa ang Kanyang bagong gawain sa mga taong tumatanggap sa bagong gawaing ito. Ang mga ito ay mga tao na nakikipagtulungan sa bago Niyang gawain, at tanging sa paraang ito matutupad ang Kanyang pamamahala.

Hinango mula sa “Ang Gawain ng Diyos at ang Pagsasagawa ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang mga tao na nasa agos ng Banal na Espiritu ay ang mga tumatanggap sa bagong gawain, at yamang natanggap na nila ang bagong gawain, sila ay nararapat na angkop na makipagtulungan sa Diyos, at hindi dapat kumilos na parang mga suwail na hindi ginagampanan ang kanilang tungkulin. Ito ang tanging kinakailangan ng Diyos sa tao. Hindi ganoon para sa mga taong hindi tumatanggap sa bagong gawain: Sila ay nasa labas ng agos ng Banal na Espiritu, at ang disiplina at paninisi ng Banal na Espiritu ay hindi para sa kanila. Buong araw, ang mga taong ito ay namumuhay sa loob ng laman, sila ay namumuhay sa loob ng kanilang mga isipan, at ang lahat ng ginagawa nila ay ayon sa doktrinang bunga ng paghihimay at pananaliksik ng kanilang sariling mga utak. Hindi ito ang hinihingi ng bagong gawain ng Banal na Espiritu, at lalong hindi ito pakikipagtulungan sa Diyos. Yaong mga hindi tumatanggap sa bagong gawain ng Diyos ay walang presensiya ng Diyos, at, higit sa lahat, salat sa mga pagpapala at pag-iingat ng Diyos. Ang karamihan sa kanilang mga salita at mga pagkilos ay nakaayon sa mga nakalipas na mga kinakailangan ng gawain ng Banal na Espiritu; ang mga ito ay doktrina, hindi katotohanan. Ang gayong doktrina at alituntunin ay sapat na upang patunayan na ang pagtitipon ng mga taong ito ay walang iba kundi relihiyon; hindi sila ang mga hinirang, o ang mga pinag-uukulan ng gawain ng Diyos. Ang pagtitipon nilang lahat na magkakasama ay matatawag lamang na maringal na kongreso ng relihiyon, at hindi matatawag na iglesia. Ito ay isang katunayan na hindi mababago. Wala sa kanila ang bagong gawain ng Banal na Espiritu; ang kanilang ginagawa ay tila samyo-ng-relihiyon, ang kanilang isinasabuhay ay tila sagana sa relihiyon; hindi sila nagtataglay ng presensiya at gawain ng Banal na Espiritu, lalo nang hindi sila karapat-dapat na tumanggap ng disiplina o kaliwanagan ng Banal na Espiritu. Lahat ng taong ito ay mga walang-buhay na bangkay, at mga uod na walang pagka-espirituwal. Wala silang kaalaman sa pagka-

mapanghimagsik at paglaban ng tao, walang kaalaman sa lahat ng masasamang gawa ng tao, lalong wala silang kaalaman sa lahat ng gawain ng Diyos at kasalukuyang kalooban ng Diyos. Lahat sila ay walang alam, mababababang tao, at sila ay mga hamak na hindi nararapat tawaging mananampalataya! Wala sa kanilang mga ginagawa ang may kinalaman sa pamamahala ng Diyos, lalong hindi nito masisira ang mga plano ng Diyos. Ang mga salita at pagkilos nila ay nakasusuklam, nakakaawa, at talagang hindi karapat-dapat banggitin. Wala sa anumang ginawa niyaong mga wala sa agos ng Banal na Espiritu ang may anumang kinalaman sa bagong gawain ng Banal na Espiritu. Dahil dito, kahit na ano ang kanilang gawin, sila ay walang disiplina ng Banal na Espiritu, at, higit sa lahat, walang kaliwanagan ng Banal na Espiritu. Dahil lahat sila ay mga taong walang pag-ibig para sa katotohanan, at sila ay kinamuhian at natanggihan na ng Banal na Espiritu. Sila ay tinatawag na makasalanan dahil sila ay lumalakad sa laman at ginagawa kung ano ang kanilang nais sa ilalim ng karatula ng Diyos. Habang gumagawa ang Diyos, sila ay sadyang palaban sa Kanya, at tumatakbo sa kasalungat na patutunguhan sa Kanya. Ang hindi pakikipagtulungan ng tao sa Diyos ay sukdulang mapanghimagsik sa ganang sarili, kaya’t hindi ba ang mga taong sadyang sumasalungat sa Diyos ay partikular na tinatanggap nila ang nararapat na kaparusahan? Sa pagbanggit sa mga ginagawang kasamaan ng mga taong ito, ang ilang tao ay nasasabik na isumpa sila, samantalang hindi sila binibigyang-pansin ng Diyos. Para sa tao, lumalabas na ang kanilang mga pagkilos ay para sa ngalan ng Diyos, ngunit sa katunayan, sa Diyos, wala silang kaugnayan sa Kanyang pangalan o sa patotoo sa Kanya. Kahit na anong gawin ng mga taong ito, wala itong kaugnayan sa Diyos: Wala itong kaugnayan kapwa sa Kanyang pangalan at Kanyang kasalukuyang gawain. Hinihiya ng mga taong ito ang kanilang mga sarili, at inihahayag si Satanas: sila ay mga makasalanan na nag-iimbak para sa araw ng poot. Ngayon, hindi alintana ang kanilang mga kilos, basta’t hindi nila pinipigil ang pamamahala ng Diyos at hindi nakikialam sa bagong gawain ng Diyos, ang mga taong iyon ay hindi isasailalim sa nararapat na kaparusahan, dahil hindi pa dumarating

ang araw ng poot. Maraming bagay ang pinaniniwalaan ng tao na dapat ay napakitunguhan na ng Diyos, at iniisip nila na ang mga makasalanang iyon ay dapat sumailalim sa kaparusahan sa lalong madaling panahon. Ngunit dahil ang gawain ng pamamahala ng Diyos ay hindi pa natapos, at ang araw ng poot ay hindi pa dumating, ang mga hindi-matuwid ay patuloy pa ring gumaganap ng kanilang hindi-matuwid na mga gawa. Ang ilan ay nagsasabi, “Yaong mga nasa relihiyon ay walang presensiya o gawain ng Banal na Espiritu, at sila ay nagdadala ng kahihiyan sa pangalan ng Diyos; kaya bakit hindi sila winawasak ng Diyos, sa halip na hinahayaan pa rin ang kanilang di-mapigilang pag-uugali?” Ang mga taong ito, na silang mga pagpapamalas ni Satanas at silang nagpapahayag ng laman, wala silang alam, sila’y mababababaw na tao; sila ay mga taong katawa-tawa. Hindi nila mamamasdan ang pagdating ng poot ng Diyos bago nila maunawaan kung paano gumagawa ang Diyos ng Kanyang mga gawain sa gitna ng tao, at sa oras na sila ay lubos na nalupig na, ang mga makasalanang iyon ay makatatanggap lahat ng kanilang kaparusahan, at wala ni isa sa kanila ang makatatakas sa araw ng poot. Hindi ngayon ang panahon para sa kaparusahan ng tao, kundi ang panahon upang isakatuparan ang gawain ng panlulupig, maliban na lamang kung mayroong mga maninira sa pamamahala ng Diyos, kung saan sila ay isasailalim sa kaparusahan batay sa tindi ng kanilang mga kilos. Sa panahon ng pamamahala ng Diyos sa sangkatauhan, ang lahat ng nasa agos ng Banal na Espiritu ay may kaugnayan sa Diyos. Yaong mga kinamumuhian at tinatanggihan ng Banal na Espiritu ay namumuhay sa ilalim ng impluwensya ni Satanas, at yaong kanilang isinasagawa ay walang kaugnayan sa Diyos. Yaong mga tumatanggap lamang sa bagong gawain ng Diyos at nakikipagtulungan sa Diyos ang may kaugnayan sa Diyos, dahil ang gawain ng Diyos ay para lamang sa mga tumatanggap dito, at hindi ito ukol sa lahat ng tao, hindi alintana kung ito ay kanilang tinatanggap o hindi. Ang gawaing ginagawa ng Diyos ay palaging may pakay at hindi ginagawa kung kailan gusto. Yaong mga nakikisama kay Satanas ay hindi karapat-dapat na magpatotoo sa Diyos, lalong hindi sila karapat-dapat na makipagtulungan sa Diyos.

Hinango mula sa “Ang Gawain ng Diyos at ang Pagsasagawa ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang gawain sa isip ng tao ay napakadaling makamit ng tao. Ang mga pastor at pinuno sa relihiyosong mundo, halimbawa, ay umaasa sa kanilang mga kaloob at katungkulan upang gawin ang kanilang gawain. Ang mga taong sumusunod sa kanila sa loob ng mahabang panahon ay mahahawa sa kanilang mga kaloob at maiimpluwensyahan ng ilan sa kanilang katauhan. Nakatuon sila sa mga kaloob, kakayahan, at kaalaman ng mga tao, at nagbibigay-pansin sa higit-sa-karaniwang mga bagay at sa maraming malalim at di-makatotohanang doktrina (mangyari pa, ang malalalim na doktrinang ito ay hindi matatamo). Hindi sila nagtutuon sa mga pagbabago sa disposisyon ng mga tao, kundi sa halip ay sa pagsasanay sa mga tao na mangaral at gumawa, na nakakaragdag sa kaalaman ng mga tao at sa kanilang saganang mga relihiyosong doktrina. Hindi sila nagtutuon sa kung gaano nagbago ang disposisyon ng mga tao ni kung gaano nauunawaan ng mga tao ang katotohanan. Hindi sila nagmamalasakit sa diwa ng mga tao, at lalo nang hindi nila sinusubukang alamin ang normal at abnormal na mga kalagayan ng mga tao. Hindi nila sinasalungat ang mga kuru-kuro ng mga tao, ni hindi nila ibinubunyag ang kanilang mga kuru-kuro, lalong hindi nila tinatabasan ang mga tao sa kanilang mga kakulangan o mga katiwalian. Karamihan sa mga sumusunod sa kanila ay naglilingkod gamit ang kanilang mga kaloob, at ang tanging inilalabas nila ay mga relihiyosong kuru-kuro at mga teoryang teolohikal, na hindi makatotohanan at ganap na hindi nagbibigay-buhay sa mga tao. Sa katunayan, ang diwa ng kanilang gawain ay pangangalaga sa talento, pangangalaga sa isang tao na walang kahit ano tungo sa pagtatapos sa seminaryo na taglay ang maraming talento na paglaon ay humahayo upang gumawa at mamuno.

Hinango mula sa “Gawain ng Diyos at Gawain ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Hindi ba maraming taong kumokontra sa Diyos at humahadlang sa

gawain ng Banal na Espiritu dahil hindi nila alam ang iba't iba at malawak na gawain ng Diyos, at, bukod pa riyan, dahil napakaliit ng taglay nilang kaalaman at doktrina para sukatin ang gawain ng Banal na Espiritu? Bagama't mababaw ang mga karanasan ng gayong mga tao, mayabang at likas silang mapagpalayaw at hinahamak nila ang gawain ng Banal na Espiritu, binabalewala ang mga pagdidisiplina ng Banal na Espiritu at, bukod pa riyan, ginagamit nila ang kanilang mga walang-kuwentang lumang argumento upang "pagtibayin" ang gawain ng Banal na Espiritu. Nagkukunwari din sila, at lubos na kumbinsido sa sarili nilang natutuhan at kaalaman, at kumbinsido na nakakapaglakbay sila sa buong mundo. Hindi ba kinasusuklaman at inaayawan ng Banal na Espiritu ang gayong mga tao, at hindi ba sila aalisin pagsapit ng bagong kapanahunan? Hindi ba mga hamak na taong mangmang at kulang sa kaalaman yaong mga humaharap sa Diyos at lantaran Siyang kinokontra, na nagpapakita lamang kung gaano sila katalino? Sa taglay nilang kaunting kaalaman tungkol sa Biblia, sinisikap nilang sakupin ang "akademya" ng mundo; taglay ang isang mababaw na doktrina para turuan ang mga tao, sinusubukan nilang baligtarin ang gawain ng Banal na Espiritu at tinatangkang paikutin ito sa sarili nilang proseso ng pag-iisip. Dahil hindi nila alam ang mangyayari, sinusubukan nilang masdan sa isang sulyap ang 6,000 taon ng gawain ng Diyos. Walang anumang katinuan ang mga taong ito na dapat banggitin! Sa katunayan, kapag mas maraming kaalaman ang mga tao tungkol sa Diyos, mas mabagal silang manghusga sa Kanyang gawain. Bukod pa riyan, katiting lamang ang binabanggit nilang kaalaman nila tungkol sa gawain ng Diyos ngayon, ngunit hindi sila padalus-dalos sa kanilang mga paghusga. Kapag mas kakaunti ang alam ng mga tao tungkol sa Diyos, mas mayabang sila at labis ang tiwala nila sa sarili at mas walang-pakundangan nilang ipinapahayag ang katauhan ng Diyos—subalit ang binabanggit nila ay teorya lamang, at wala silang ibinibigay na tunay na katibayan. Walang anumang halaga ang gayong mga tao. Yaong mga itinuturing na laro ang gawain ng Banal na Espiritu ay mga bobo! Yaong mga hindi maingat kapag nakakatagpo sila ng bagong gawain ng Banal na

Espiritu, na walang-tigil magsalita, mabilis humusga, malayang hinahayaan ang kanilang likas na pakiramdam na tanggihan ang pagiging tama ng gawain ng Banal na Espiritu, at iniinsulto at nilalapastangan din ito—hindi ba mangmang ang gayon kawalang-galang ng mga tao ba tungkol sa gawain ng Banal na Espiritu? Bukod pa riyan, hindi ba sila mga taong mayayabang, likas na mapagmataas at pasaway? Kahit dumating ang araw na tanggapin ng gayong mga tao ang bagong gawain ng Banal na Espiritu, hindi pa rin sila palalampasin ng Diyos. Hindi lamang nila hinahamak yaong mga gumagawa para sa Diyos, kundi nilalapastangan din nila ang Diyos Mismo. Ang gayong pangahas na mga tao ay hindi patatawarin, sa kapanahunang ito man o sa darating na kapanahunan, at mapapahamak sila sa impiyerno magpakailanman! Ang gayong walang-galang at maluhong mga tao ay nagkukunwaring naniniwala sa Diyos, at kapag mas maraming taong ganito, mas malamang na suwayin nila ang mga atas administratibo ng Diyos. Hindi ba tumatahak sa landas na ito ang lahat ng mayabang na talagang hindi mapigil, at hindi pa sumunod kahit kanino kailanman? Hindi ba nila kinokontra ang Diyos bawat araw, ang Diyos na laging bago at hindi kailanman luma?

Hinango mula sa "Pag-alam sa Tatlong Yugto ng Gawain ng Diyos ang Landas tungo sa Pagkilala sa Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

"Isang kasalanan na hindi patatawarin sa panahong ito o panahong darating ang paglapastangan at paninirang-puri sa Diyos, at ang mga nagkakasala nito ay hindi kailanman muling magkakatawang-tao." Ibig sabihin, hindi kinukunsinti ng disposisyon ng Diyos na pasamain ang Kanyang loob ng tao. Kapag nasa isang sitwasyon na hindi nila nauunawaan, o kapag sila ay nalinlang, nakontrol, o nasupil ng iba, maaaring makapagsalita ang ilang tao ng di-mabuti o di-maganda. Subalit pagkaraan ng ilang panahon, sa sandaling natanggap na nila ang tunay na daan, napupuno sila ng panghihinayang. At kung magkagayon, naghahanda sila ng sapat na dami ng mabubuting gawain, at nagtatamo sila ng kaalaman at dumaraan sa pagbabago sa bagay na ito, kaya naman

hindi na pinagtutuunan ng Diyos ang anumang nakaraang pagkakasala nila. Dapat ninyong makilala nang lubos ang Diyos, dapat ninyong malaman kung kanino ipinatutungkol ang mga salitang iyon ng Diyos, pati na ang konteksto ng mga ito, at hindi mo dapat sapalarang gamitin o bigyang-pakahulugan ayon sa iyong kapritso ang mga salita ng Diyos. Hindi sinusukat ng mga taong walang karanasan ang kanilang mga sarili sa panukatan ng mga salita ng Diyos sa anumang bagay, samantalang nagiging sobrang sensitibo naman ang mga may kaunting karanasan o may kaunting pananaw. Kapag nakakarinig sila ng mga pahayag ng Diyos na isinusumpa, o kinamumuhian at nililipol ang mga tao, tinatanggap lang nila ang lahat ng ito nang hindi pinag-iisipang mabuti. Ipinapakita nito na hindi nila nauunawaan ang mga salita ng Diyos, at laging may di-nauunawaan sa Kanya. Hinahatulan ng ilang mga tao ang Diyos bago pa man sila magbasa ng alinman sa Kanyang mga bagong pahayag, magsagawa ng anumang imbestigasyon, makinig sa anumang pagbabahagi mula sa mga taong nakakaunawa ng bagong gawain ng Diyos, o kahit man lang, magtamo ng anumang kaliwanagan ng Espiritu Santo. Pagkatapos nito, may mangangaral sa kanila ng ebanghelyo, at tatanggapin nila ito. Pagkaraan nito ay nakakaramdam sila ng panghihinayang dahil hinatulan nila ang Diyos, at nais nilang magsisi. Pagkatapos niyon, nakadepende na lamang ito kung paano sila aasal sa hinaharap. Kung ang kanilang asal ay partikular na masama, matapos nilang magtaglay ng pananampalataya, at kanilang amining sila ay hindi karapat-dapat, na nagsasabing, “Nakapagsalita ako ng kalapastanganan at di-magagandang salita noon, at ipinahayag na ng Diyos na ang mga taong kagaya ko ay mapapahamak—kaya tapos na ang aking buhay,” kung gayon, katapusan na nga talaga para sa mga taong katulad nito.

Hinango mula sa “Sa Anong Batayan Tinatrato ng Diyos ang Mga Tao?” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Yamang naniniwala ka sa Diyos, dapat kang manampalataya sa lahat ng mga salita ng Diyos at sa lahat ng gawain Niya. Na ibig sabihin, yamang

naniniwala ka sa Diyos, dapat kang sumunod sa Kanya. Kung hindi mo kayang gawin ito, hindi mahalaga kung naniniwala ka o hindi sa Diyos. Kung naniniwala ka sa Diyos sa loob ng maraming taon, subalit hindi Siya kailanman sinunod, at hindi tinatanggap ang kabuuan ng mga salita Niya, at sa halip hinihingi sa Diyos na magpasakop Siya sa iyo at kumilos ayon sa mga kuro-kuro mo, ikaw ang pinakamapanghimagsik sa lahat, isa kang hindi mananampalataya. Paanong makasusunod ang ganitong mga tao sa gawain at mga salita ng Diyos na hindi umaayon sa mga kuro-kuro ng tao? Ang pinakamapanghimagsik sa lahat ay yaong mga sinasadyang lumabag at lumaban sa Diyos. Sila ang mga kaaway ng Diyos, ang mga anticristo. Ang sa kanila ay palaging pag-uugali ng poot sa bagong gawain ng Diyos; hindi sila kailanman nagkaroon ng ni katiting na kagustuhang magpasakop, ni hindi sila kailanman nagalak na magpasakop o magpakumbaba ng sarili nila. Dinadakila nila ang mga sarili nila bago ang iba at hindi kailanman nagpapasakop sa sinuman. Sa harap ng Diyos, itinuturing nila ang mga sarili nilang pinakamahusay sa pangangaral ng salita, at ang pinakabihasa sa paggawa sa iba. Hindi nila kailanman itinatapon ang mga “kayamanang” nasa pag-aari nila, kundi itinuturing sila bilang mga pamana ng pamilya para sambahin, para ipangaral sa iba ang tungkol dito, at ginagamit nila ang mga ito para magsermon sa yaong mga hangal na iniidolo sila. Tunay ngang may ilang taong tulad nito sa loob ng iglesia. Masasabing sila ay mga “hindi palulupig na mga bayani,” na bawat salinlahi ay pansamantalang nananahan sa tahanan ng Diyos. Ipinapalagay nila ang pangangaral ng salita (doktrina) bilang pinakamataas nilang tungkulin. Bawat taon, bawat salinlahi, masigasig nilang ipinatutupad ang “sagrado at hindi malalabag” na tungkulin nila. Walang nangangahas na salingin sila; wala kahit isang tao ang nangangahas na lantarang sawayin sila. Nagiging “mga hari” sila sa tahanan ng Diyos, nagwawala habang sinisiil nila ang iba sa bawat kapanahunan. Naghahangad ang pangkat ng mga demonyong ito na makipagsanib at gibain ang gawain Ko; paano Ko mapahihintulutang umiral ang mga buhay na diyablong ito sa harap ng mga mata Ko? Kahit yaong mga kalahating masunurin lamang ay hindi makapagpapatuloy

hanggang sa katapusan, lalong hindi itong mga maniniil na wala ni katiting na pagsunod sa mga puso nila! Hindi madaling makakamit ng tao ang gawain ng Diyos. Kahit na ginagamit ang lahat ng lakas na mayroon sila, kaunting bahagi lamang nito ang makakamit ng mga tao, na sa huli mapahihintulutan silang magawang perpekto. Ano, kung gayon, ang para sa mga anak ng arkanghel, na naghahangad na wasakin ang gawain ng Diyos? Wala ba silang mas maliit na pag-asang makamit ng Diyos? Ang layunin Ko sa paggawa ng gawaing paglupig ay hindi lamang ang manlupig alang-alang sa paglupig, kundi manlupig upang ibunyag ang pagkamakatuwiran at kalikuan, upang kumuha ng patunay para sa kaparusahan ng tao, upang parusahan ang buktot, at, higit pa rito, upang manlupig para sa kapakanan ng pagpeperpekto ng yaong mga handang sumunod. Sa huli, paghihiwa-hiwalayin ang lahat ayon sa uri, at ang mga naging perpekto ay ang mga may mga saloobin at mga ideya na puno ng pagsunod. Ito ang gawaing magagawa sa huli. Yaong mga mapanghimagsik ang bawat kilos, samantala, ay parurusahan at ipadadala upang sunugin sa mga apoy, mga layon ng walang-hanggang sumpa. Kapag dumating ang oras na iyon, yaong mga “dakila at hindi malulupig na mga bayani” ng mga kapanahunang nakalipas ay magiging pinakamababa at pinakanilalayuang “mahina at inutil na mga duwag.” Tanging ito lamang ang makapaglalarawan sa bawat aspeto ng pagkamakatuwiran ng Diyos, at ang disposisyon Niya na hindi masasaktan ng tao, at tanging ito lamang ang makapagpapalubag ng poot sa puso Ko. Hindi ba kayo sumasang-ayon na lubusang makatuwiran ito?

Hinango mula sa “Yaong mga Sumusunod sa Diyos Nang may Tunay na Puso ay Tiyak na Makakamit ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

VIII. Ang mga Prinsipyo Kung Paano Pakitunguhan ang Bawat Uri ng Tao, Pangyayari, at Bagay

141. Ang mga Prinsipyo Kung Paano Pakikitunguhan ang

Hinaharap at Kapalaran ng Isang Tao

(1) Nilikha ng Diyos ang lahat at may kapangyarihan sa lahat, at nasa kamay Niya ang kapalaran ng tao. Itinalaga ng Langit at kinikilala ng daigdig ang pagpapasakop sa Kanyang kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos;

(2) Piliin ang iyong landas batay sa mga salita ng Diyos, at magkaroon ng pananampalataya na matuwid ang lahat ng Kanyang ginagawa. Magpasakop sa kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos sa buhay o sa kamatayan;

(3) Tunay ngang gugulin ang iyong sarili para sa Diyos alinsunod sa Kanyang mga atas. Sa kaligayahan man o kapighatian, dapat mong hangarin ang katotohanan at kaalaman sa sarili. Sa ganitong paraan mo lang makikilala ang iyong sarili;

(4) Kapag batid ng isang tao ang matuwid na disposisyon ng Diyos, tunay silang makakapagpasakop sa Kanya at magagawa ng maayos ang tungkulin ng tao. Sa paggawa nito, natural na nagagawang maisantabi ng isang tao ang kanyang pansariling hinaharap at kapalaran.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang Diyos ang Siyang namumuno sa lahat ng bagay at nangangasiwa sa lahat ng bagay. Nilikha Niya ang lahat ng narito, pinangangasiwaan Niya ang lahat ng narito, pinamumunuan Niya ang lahat ng narito, at tinutustusan Niya ang lahat ng narito. Ito ang katayuan ng Diyos, at ang Kanyang pagkakakilanlan. Para sa lahat ng bagay at sa lahat ng narito, ang tunay na pagkakakilanlan ng Diyos ay ang Lumikha at ang Pinuno ng lahat ng nilikha. Iyan ang pagkakakilanlan na taglay ng Diyos, at Siya ay natatangi sa lahat ng bagay. Wala ni isa sa mga nilikha ng Diyos—sa sangkatauhan man o sa espirituwal na mundo—ang maaaring gumamit ng anumang kaparaanan o katwiran para magkunwaring Diyos o pumalit sa pagkakakilanlan at katayuan ng Diyos, sapagkat Siya lamang, sa lahat ng bagay, ang nagtataglay ng pagkakakilanlan, kapangyarihan, awtoridad, at kakayahang ito na mamuno sa lahat ng nilikha: ang ating natatanging Diyos Mismo. Siya ay nabubuhay at gumagalaw sa lahat ng bagay; maaari

Siyang umangat sa pinakamataas na lugar, sa ibabaw ng lahat ng bagay. Maaaring magpakumbaba Siya Mismo sa pamamagitan ng pagiging tao, pagiging isa sa mga may laman at dugo, at makaharap sa mga tao at makibahagi sa kanilang kaligayahan at kalungkutan, samantalang kasabay nito, inuutusan Niya ang lahat ng narito, at pinagpapasiyahan ang kapalaran ng lahat ng narito at kung saang direksyon patungo ang lahat ng ito. Bukod pa riyan, ginagabayan Niya ang kapalaran ng buong sangkatauhan, at pinapatnubayan ang direksyon ng sangkatauhan. Ang isang Diyos na tulad nito ay dapat sambahin, sundin, at kilalanin ng lahat ng nilalang na may buhay. Sa gayon, saanmang grupo o uri ng sangkatauhan ka nabibilang, ang paniniwala sa Diyos, pagsunod sa Diyos, pagpipitagan sa Diyos, pagtanggap sa Kanyang panuntunan, at pagtanggap sa Kanyang mga plano para sa iyong kapalaran ang tanging pagpipilian—ang kinakailangang pagpili—para sa sinumang tao at para sa anumang nilalang na may buhay.

Hinango mula sa “Ang Diyos Mismo, ang Natatangi X” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang kapalaran ng tao ay nasa kontrol ng mga kamay ng Diyos. Ikaw ay walang kakayahang kontrolin ang iyong sarili: Kahit na parating nagmamadali at nag-aabala ang tao para sa kanyang sarili, nananatili siyang walang kakayahan na kontrolin ang kanyang sarili. Kung kaya mong malaman ang iyong mga sariling pagkakataon, kung makokontrol mo ang iyong sariling kapalaran, mananatili ka pa rin bang isang nilikha? Sa madaling sabi, paano man gumagawa ang Diyos, ang lahat ng Kanyang gawain ay para sa kapakanan ng tao. Ipagpalagay, bilang halimbawa, ang kalangitan at lupa at ang lahat ng bagay na nilikha ng Diyos upang magsilbi sa tao: Ang buwan, ang araw, at ang mga bituin na ginawa Niya para sa tao, ang mga hayop at mga halaman, ang tagsibol, tag-araw, taglagas at taglamig, at iba pa—ang lahat ay ginagawa para sa kapakanan ng pag-iral ng tao. At kaya, paano Niya man kinakastigo at hinahatulan ang tao, ang lahat ng ito ay para sa kapakanan ng kaligtasan ng tao. Kahit na

tinatanggal Niya sa tao ang kanyang makalamang mga inaasahan, ito ay para sa kapakanan ng pagdadalisay sa tao, at ang pagdadalisay sa tao ay ginagawa para manatili siyang buhay. Ang hantungan ng tao ay nasa mga kamay ng Lumikha, kaya paano makokontrol ng tao ang kanyang sarili?

Hinango mula sa "Pagpapanumbalik ng Normal na Buhay ng Tao at Pagdadala sa Kanya sa Isang Kamangha-manghang Hantungan" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang makatamo ng malinaw at tamang kaalaman at pagkaunawa sa mga katotohanang ito tungkol sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa kapalaran ng tao ay isang sapilitang leksiyon para sa lahat; ito ang susi sa pag-alam sa buhay ng tao at pagtamo sa katotohanan. Ganito ang buhay ng pagkilala sa Diyos, ang pangunahing kurso ng pag-aaral nito, na dapat harapin ng bawat isa bawat araw, at hindi maiiwasan ninuman. Kung may isa sa inyo na nais tahakin ang pinakamadaling daan upang makarating sa layuning ito, kung gayon ay sinasabi Ko sa iyo, imposible iyon! Kung nais mong takasan ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, mas lalong imposible iyon! Ang Diyos lamang ang tanging Panginoon ng tao, ang Diyos lamang ang tanging Panginoon ng kapalaran ng tao, kaya imposible para sa tao na diktahan ang sarili niyang kapalaran at imposible para sa kanya na humakbang palayo rito. Kahit gaano pa kagaling ang mga kakayahan ng tao, hindi niya maaaring maimpluwensyahan—lalong hindi niya maisasaayos, maihahanda, makokontrol, o mababago—ang mga kapalaran ng iba. Ang mismong natatanging Diyos lamang ang nagdidikta ng lahat ng bagay para sa tao, sapagkat Siya lamang ang nag-aangkin ng natatanging awtoridad na may kapangyarihan sa ibabaw ng kapalaran ng tao; kung kaya't tanging ang Lumikha ang natatanging Panginoon ng tao. Ang awtoridad ng Diyos ang may tangan sa kataas-taasang kapangyarihan hindi lamang sa ibabaw ng nilikhang sangkatauhan, ngunit maging sa mga di-nilalang na hindi nakikita ng tao, sa mga bituin, sa kosmos. Ito ay isang hindi mapapabulaanang katotohanan, isang katotohanan na tunay na umiiral, na hindi maaaring mabago ninuman o ng anuman. Kung may isa sa inyo ang hindi pa rin

nasisiyahan sa mga bagay sa kasalukuyan, naniniwala na ikaw ay may ilang espesyal na kasanayan o kakayahan, at iniisip pa rin na kapag dinapuan ka ng suwerte ay mababago mo ang iyong kasalukuyang mga kalagayan o di kaya ay matakasan ang mga ito; kung pagtatangkaan mong baguhin ang iyong sariling kapalaran sa mga paraan ng pagpupunyagi ng tao, at nang sa gayon ay mamukod-tangi sa iba at magtamo ng katanyagan at kayamanan; kung gayon ay sinasabi Ko sa iyo, ginagawa mong mas mahirap ang mga bagay para sa iyong sarili, naghahanap ka lamang ng gulo at hinuhukay mo ang iyong sariling libingan! Isang araw, sa malao't madali, matutuklasan mo na mali ang pinili mo, na nasayang ang iyong mga pagpupunyagi. Ang iyong ambisyon, ang iyong pagnanais na makipagbuno laban sa kapalaran, at ang iyong sariling kasuklam-suklam na pag-uugali, ang magdadala sa iyo sa walang pabalik na daan, at dahil dito ay magbabayad ka ng mapait na halaga. Bagaman sa kasalukuyan ay hindi mo nakikita ang kalubhaan ng kahihinatnan, habang iyong nararanasan at mas malalim na pinapahalagahan ang katotohanan na ang Diyos ang Panginoon ng kapalaran ng tao, unti-unti mong matatanto kung ano ang Aking sinasabi ngayon at ang tunay na mga implikasyon nito. Kung tunay mang mayroon kang puso at espiritu, kung ikaw man ay isang tao na nagmamahal sa katotohanan, ay nakasalalay sa uri ng saloobing mayroon ka tungkol sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos at tungkol sa katotohanan. At natural, ito ang tumutukoy kung maaari mong tunay na malaman at maunawaan ang awtoridad ng Diyos. Kung kailanma'y hindi mo pa naramdaman sa iyong buhay ang dakilang kapangyarihan ng Diyos at ang Kanyang mga pagsasaayos, lalo na ang kilalanin at tanggapin ang awtoridad ng Diyos, kung gayon ikaw ay magiging lubos na walang halaga, at walang duda na ikaw ay kamumuhian at tatanggihan ng Diyos, dahil sa daan na iyong tinahak at sa pagpiling ginawa mo. Subalit sa gawain ng Diyos, ang mga kayang tanggapin ang Kanyang pagsubok, tanggapin ang Kanyang kataas-taasang kapangyarihan, magpapasakop sa Kanyang awtoridad, at unti-unting magtatamo ng tunay na karanasan ng Kanyang mga salita, ay makapagkakamit ng tunay na kaalaman ng awtoridad ng

Diyos, tunay na pagkaunawa ng Kanyang kataas-taasang kapangyarihan; tunay na mapapasailalim sila sa Lumikha. Tanging ang ganoong mga tao ang tunay na maliligtas. Sapagkat kanilang nakilala ang dakilang kapangyarihan ng Diyos, sapagkat tinanggap nila ito, tunay at tumpak ang kanilang pagpapahalaga at pagpapasakop sa katotohanan ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa kapalaran ng tao. Kapag sila ay naharap sa kamatayan, tulad ni Job, magkakaroon sila ng isang isip na hindi natatakot sa kamatayan, at magpapasakop sila sa mga pagsasaayos at paghahanda ng Diyos sa lahat ng bagay, na walang indibidwal na pagpipilian, na walang indibidwal na pagnanais. Tanging ang ganoong tao ang makakabalik sa tabi ng Lumikha bilang isang tunay na nilalang na tao.

Hinango mula sa “Ang Diyos Mismo, ang Natatangi III” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Bahagyang nauunawaan ng tao ang gawain sa kasalukuyan at gawain sa hinaharap, ngunit hindi niya nauunawaan ang hantungan kung saan papasok ang sangkatauhan. Bilang isang nilalang, kailangang gampanan ng tao ang tungkulin ng isang nilalang: Kailangang sundin ng tao ang Diyos sa anumang Kanyang ginagawa; dapat kayong magpatuloy sa anumang paraang sabihin Ko sa inyo. Wala kang paraan upang mamahala ng mga bagay para sa iyong sarili, at wala kang kadalubhasaan sa iyong sarili; ang lahat ay dapat ipaubaya sa pagsasaayos ng Diyos, at lahat ay nasa Kanyang mga kamay. Kung ang gawain ng Diyos ay naglaan sa tao ng isang katapusan, isang kamangha-manghang hantungan, nang mas maaga, at kung ginamit ito ng Diyos upang hikayatin ang tao at pasunurin ang tao sa Kanya—kung gumawa Siya ng kasunduan sa tao—hindi ito magiging paglupig, ni magiging para gawaan ang buhay ng tao. Kung gagamitin ng Diyos ang katapusan ng tao upang kontrolin siya at matamo ang kanyang puso, sa ganito ay hindi Niya gagawing perpekto ang tao, ni magagawa Niyang matamo ang tao, bagkus ay gagamitin ang hantungan upang kontrolin siya. Walang inaalala ang tao nang higit pa sa katapusan sa hinaharap, ang huling hantungan, at kung mayroon man o walang

mabuting bagay na aasahan. Kung binigyan ang tao ng magandang pag-asa sa panahon ng gawain ng panlulupig, at kung, bago pa ang paglupig sa tao, nabigyan siya ng isang wastong hantungan na hahangaring matamo, hindi lamang sa hindi matatamo ng gawain ng panlulupig sa tao ang epekto nito, kundi maiimpluwensyahan din ang epekto ng gawain ng panlulupig. Ibig sabihin, nakakamit ng gawain ng panlulupig ang epekto nito sa pamamagitan ng pag-aalis sa kapalaran at mga pagkakataon ng tao at paghatol at pagkastigo sa mapanghimagsik na disposisyon ng tao. Hindi ito nakakamit sa pamamagitan ng paggawa ng isang kasunduan sa tao, ibig sabihin, sa pamamagitan ng pagbibigay sa tao ng mga pagpapala at biyaya, kundi sa pamamagitan ng paghahayag ng katapatan ng tao sa pamamagitan ng pagtatanggal ng kanyang “kalayaan” at pagsira sa kanyang mga pagkakataon. Ito ang diwa ng gawain ng panlulupig. Kung binigyan ang tao ng magandang pag-asa sa pinakasimula, at ang gawain ng pagkastigo at paghatol ay ginawa pagkatapos, tatanggapin ng tao ang pagkastigo at paghatol na ito sa batayang nagkaroon siya ng mga pagkakataon, at sa katapusan, ang walang-kundisyong pagsunod at pagsamba sa Lumikha ng lahat ng Kanyang nilikha ay hindi makakamit; magkakaroon lamang ng bulag at walang-muwang na pagsunod, o kung hindi ang tao ay gagawa ng bulag na mga paghingi sa Diyos, at magiging imposible na ganap na malupig ang puso ng tao. Dahil dito, magiging imposible para sa gayong gawain ng panlulupig na makamit ang tao, o, higit pa rito, magpatotoo sa Diyos. Ang gayong mga nilalang ay hindi makakaganap ng kanilang tungkulin at makikipagtawaran lamang sa Diyos; hindi ito magiging paglupig, kundi habag at pagpapala. Ang pinakamalaking suliranin sa tao ay na wala siyang iniisip kundi ang kanyang kapalaran at mga pagkakataon, na iniidolo niya ang mga iyon. Pinagsisikapang matamo ng tao ang Diyos alang-alang sa kanyang kapalaran at mga pagkakataon; hindi niya sinasamba ang Diyos dahil sa kanyang pag-ibig sa Kanya. Kung kaya, sa paglupig sa tao, ang pagkamakasarili, kasakiman at mga bagay na pinakahadlang sa pagsamba ng tao sa Diyos ay dapat mapakitunguhan at sa gayo’y maalis na lahat. Sa

paggawa nito, ang mga epekto ng paglupig sa tao ay makakamit. Bilang resulta, sa mga unang yugto ng paglupig sa tao, kailangan na alisin ang mga ligaw na ambisyon at ang pinakanakamamatay na mga kahinaan ng tao, at, sa pamamagitan nito, ibunyag ang pag-ibig ng tao sa Diyos at baguhin ang kanyang kaalaman tungkol sa buhay ng tao, ang kanyang pananaw sa Diyos, at ang kahulugan ng kanyang pag-iral. Sa ganitong paraan, ang pag-ibig ng tao sa Diyos ay nalilinis, na ang ibig sabihin, ang puso ng tao ay nalulupig. Ngunit sa saloobin ng Diyos tungo sa lahat ng nilalang, hindi nanlulupig ang Diyos para lamang sa kapakanan ng panlulupig; sa halip, Siya ay nanlulupig upang makamit ang tao, para sa kapakanan ng Kanyang sariling kaluwalhatian, at upang mabawi ang pinakauna at orihinal na wangis ng tao. Kung Siya ay manlulupig para lamang sa kapakanan ng paglupig, ang kabuluhan ng gawain ng panlulupig ay mawawala. Ibig sabihin niyan ay kung, pagkatapos lupigin ang tao, pinabayaan na ng Diyos ang tao, at hindi na nakialam sa kanyang buhay o kamatayan, hindi na ito magiging pamamahala sa sangkatauhan, ni ang paglupig sa tao ay magiging para sa kapakanan ng kanyang kaligtasan. Ang pagtatamo lamang sa tao pagkatapos ng paglupig sa kanya at ang kanyang pagdating sa isang kamangha-manghang hantungan sa kahuli-hulihan ang nasa sentro ng lahat ng gawain ng pagliligtas, at ito lamang ang magkakamit ng mithiin na kaligtasan ng tao. Sa madaling sabi, ang pagdating lamang ng tao sa magandang hantungan at ang kanyang pagpasok sa kapahingahan ang mga pag-asam na dapat taglayin ng lahat ng nilalang, at ang gawain na dapat gawin ng Lumikha. Kung tao ang gagawa ng gawaing ito, masyado itong magiging limitado: Maaari nitong madala ang tao hanggang sa isang punto, ngunit hindi nito madadala ang tao sa walang-hanggang hantungan. Hindi kayang pagpasyahan ng tao ang kanyang tadhana, ni, higit pa rito, kaya niyang tiyakin ang mga pagkakataon ng tao at hantungan sa hinaharap. Subalit, ang gawaing ginagawa ng Diyos ay naiiba. Yamang nilikha Niya ang tao, pinangungunahan Niya ito; yamang inililigtas Niya ang tao, ililigtas Niya ito nang lubusan, at ganap na kakamtin; yamang pinangungunahan Niya ang

tao, dadalhin Niya ito sa wastong hantungan; at yamang nilikha Niya at pinamamahalaan ang tao, kailangan Niyang akuin ang pananagutan sa kapalaran at mga pagkakataon ng tao. Ito ang gawaing ginagawa ng Lumikha. Bagama't ang gawain ng panlulupig ay nakakamit sa pamamagitan ng pag-aalis sa tao ng kanyang mga pagkakataon, ang tao sa kahuli-hulihan ay dapat na madala sa wastong hantungan na inihanda para sa kanya ng Diyos. Mismong dahil gumagawa ang Diyos sa tao na ang tao ay may hantungan at ang kanyang kapalaran ay natitiyak na. Dito, ang akmang hantungan na tinutukoy ay hindi ang mga pag-asa at mga pagkakataon ng tao na inalis noong mga lumipas na panahon; ang dalawa ay magkaiba. Yaong mga inaasahan ng tao at hinahangad na matamo ay ang mga paghahangad na umuusbong mula sa kanyang paghahangad na matamo ang maluluhong pagnanasa ng laman, sa halip na ang hantungan na marapat sa tao. Samantala, ang inihanda ng Diyos para sa tao ay ang mga pagpapala at mga pangako na nararapat sa tao sa sandaling siya ay nagawa nang dalisay, na inihanda ng Diyos para sa tao matapos likhain ang mundo, at na hindi nababahiran ng mga pagpili, mga haka-haka, imahinasyon o laman ng tao. Ang hantungang ito ay hindi inihahanda para sa isang partikular na tao, kundi ang dako ng kapahingahan ng buong sangkatauhan. At kaya, ang hantungang ito ang pinakaangkop na hantungan para sa sangkatauhan.

Hinango mula sa "Pagpapanumbalik ng Normal na Buhay ng Tao at Pagdadala sa Kanya sa Isang Kamangha-manghang Hantungan" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa tuwing binabanggit ang hantungan, itinuturing ninyo ito nang may espesyal na kaseryosohan; higit pa riyan, kayong lahat ay partikular na sensitibo tungkol sa bagay na ito. May ilang taong hindi makapaghintay na iyukod ang kanilang mga ulo hanggang lupa, yumuyuko nang mababa sa harap ng Diyos para lamang makapagkamit ng magandang hantungan. Nakikilala Ko ang inyong pagiging masigasig, na hindi na kailangang ilahad pa sa pamamagitan ng mga salita. Ito'y dahil lamang ayaw ninyong humantong ang inyong laman sa kapahamakan, at bukod pa rito, ayaw

ninyong mahulog sa walang hanggang kaparusahan sa hinaharap. Kayo ay umaasa lamang na tulutan ang inyong sarili na mabuhay nang higit na malaya at maalwan. Kaya kayo ay lalong higit na nagiging maligalig sa tuwing nababanggit ang hantungan, lubos na nangangamba na kapag hindi kayo naging sapat na maingat, maaaring magkasala kayo sa Diyos at makatatanggap kung gayon ng nararapat na parusa. Hindi kayo nag-alinlangan na makipagkompromiso para lamang sa inyong hantungan, at maging ang marami sa inyo na dating mapanlinlang at walang galang ay bigla na lamang naging napakamalumanay at tapat; ang anyo ng inyong katapatan ay nakapangingilabot sa mga tao. Gayon pa man, lahat kayo'y may mga "tapat" na puso, at patuloy ninyong ibinabahagi sa Akin ang mga lihim ng inyong mga puso nang walang anumang itinatago, maging ito man ay hinaing, panlilinlang o pamimintuho. Sa kabuuan, napakamatapat ninyong "ikinumpisal" sa Akin ang napakahalagang mga bagay na nasa kaibuturan ng inyong pagiging tao. Mangyari pa, hindi Ko iniwasan kailanman ang gayong mga bagay, dahil naging napakapamilyar na ang mga ito sa Akin. Mas nanaisin pa ninyong pumasok sa dagat ng apoy alang-alang sa inyong huling hantungan kaysa mawalan ng isa mang hibla ng buhok para makamit ang pagsang-ayon ng Diyos. Hindi sa Ako ay nagiging masyadong dogmatiko sa inyo; kayo ay labis na nagkukulang lamang sa pusong namimintuho upang harapin ang lahat ng Aking ginagawa. Maaaring hindi ninyo naiintindihan kung ano ang kapapahayag Ko lamang, kaya hayaan ninyo Akong magbigay sa inyo ng payak na paliwanag: Ang kailangan ninyo ay hindi ang katotohanan at buhay; ni ang mga prinsipyo kung paano kayo kikilos, lalong hindi ang Aking maingat na paggawa. Sa halip, ang kailangan ninyo ay ang lahat na taglay ng inyong laman—kayamanan, katayuan, pamilya, buhay may-asawa, at iba pa. Lubos ninyong ipinagwawalang-bahala ang Aking mga salita at gawain, kung kaya't malalagom Ko ang inyong pananampalataya sa iisang salita: padaskol. Gagawin ninyo ang kahit ano upang matamo lamang ang mga bagay na inyong pinipintuho nang labis, ngunit natuklasan Kong hindi ninyo ito gagawin alang-alang sa mga bagay na tungkol sa inyong paniniwala sa

Diyos. Sa halip, kayo ay bahagyang nakatuon, at bahagyang masigasig. Iyan ang dahilan kung bakit sinasabi Kong ang mga taong walang pusong may sukdulang katapatan ay mga bigo sa kanilang paniniwala sa Diyos. Pag-isipan ninyong mabuti—marami bang mga bigo sa inyong hanay?

Hinango mula sa “Tungkol sa Hantungan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Napakahalaga sa inyo ng inyong hantungan at kapalaran—ang mga ito ay ipinag-aalala ninyo nang lubos. Naniniwala kayong kapag hindi ninyo ginawa ang mga bagay nang maingat, magiging katumbas ito ng hindi pagkakaroon ng hantungan at ng pagkawasak ng inyong kapalaran. Subalit naisip na ba ninyo kailanman na ang mga taong nagsusumikap para lamang sa kanilang hantungan ay nagpapakapagod nang walang saysay? Hindi tunay ang gayong mga pagsisikap—huwad at mapanlinlang ang mga iyon. Kung gayon, ang mga taong nagsisikap para lamang sa kanilang hantungan ay nasa bungad na ng kanilang pangwakas na pagkatalo, dahil ang kabiguan sa paniniwala ng isang tao sa Diyos ay dulot ng panlilinlang. Nasabi Ko na noon na hindi Ko ninanais na Ako ay bolahin o kunwari’y hangaan, o pakitunguhan Ako nang may lubos na kasiglahan. Nais Ko na ang mga matapat na tao ay humarap sa Aking katotohanan at Aking mga inaasahan. Higit pa rito, naiibigan Ko sa tuwing ang mga tao ay nakakayang magpakita ng lubos na pangangalaga at pagsasaalang-alang sa Aking puso, at kapag nagagawa pa nilang isuko ang lahat para sa Aking kapakanan. Sa ganitong paraan lamang maaaring mabigyan ng kaginhawahan ang Aking puso.

Hinango mula sa “Tungkol sa Hantungan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ngayon, dapat mong mabatid kung paano malupig, at kung paano kumikilos ang mga tao matapos silang malupig. Maaari mong sabihin na nalupig ka na, ngunit makakasunod ka ba hanggang kamatayan? Kailangan mong magawang sumunod hanggang sa kahuli-hulihan mayroon mang anumang mga maaasam, at hindi ka dapat mawalan ng pananampalataya sa Diyos anuman ang sitwasyon. Sa huli, kailangan mong matamo ang dalawang aspeto ng patotoo: ang patotoo ni Job—

pagsunod hanggang kamatayan; at ang patotoo ni Pedro—ang sukdulang pagmamahal sa Diyos. Sa isang banda, kailangan mong maging kagaya ni Job: nawala ang lahat ng kanyang ari-arian, at pinahirapan ng sakit ng katawan, subalit hindi niya tinalikuran ang pangalan ni Jehova. Ito ang patotoo ni Job. Nagawang mahalin ni Pedro ang Diyos hanggang kamatayan. Noong siya ay ipako sa krus at hinarap ang kanyang kamatayan, minahal pa rin niya ang Diyos; hindi niya inisip ang sarili niyang mga inaasam o hinangad ang magagandang pag-asa o maluluhong saloobin, at hinangad lamang niyang mahalin ang Diyos at sundin ang lahat ng plano ng Diyos. Iyan ang batayan na kailangan mong makamtan bago ka maituring na nagpatotoo, bago ka maging isang tao na nagawang perpekto matapos na malupig. Ngayon, kung alam talaga ng mga tao ang sarili nilang diwa at katayuan, maghahangad pa ba sila ng mga inaasam at pag-asa? Ito ang dapat mong malaman: Gawin man akong perpekto ng Diyos, kailangan kong sundan ang Diyos; lahat ng Kanyang ginagawa ngayon ay mabuti at ginagawa para sa aking kapakanan, at upang ang ating disposisyon ay magbago at maialis natin sa ating sarili ang impluwensya ni Satanas, upang tulutan tayong maisilang sa lupain ng karumihan at magkagayunman ay maialis sa ating sarili ang karumihan, maipagpag ang dumi at impluwensya ni Satanas, upang matalikuran ito. Siyempre pa, ito ang kinakailangan sa iyo, ngunit para sa Diyos paglupig lamang ito, na ginagawa upang magkaroon ng matibay na pagpapasiya ang mga tao na sumunod at makapagpasakop sa lahat ng pagsasaayos ng Diyos. Sa ganitong paraan, maisasakatuparan ang mga bagay-bagay.

Hinango mula sa “Ang Katotohanang Nakapaloob sa Gawain ng Panlulupig (2)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Naniniwala ka sa Diyos at sumusunod sa Kanya, kaya nga sa puso mo ay kailangan mong mahalin ang Diyos. Kailangan mong isantabi ang iyong tiwaling disposisyon, kailangan mong hangaring matupad ang naisin ng Diyos, at kailangan mong gampanan ang tungkulin ng isang nilalang ng Diyos. Dahil naniniwala at sumusunod ka sa Diyos, dapat mong ialay ang

lahat sa Kanya, at hindi ka dapat gumawa ng mga personal na pagpili o paghingi, at dapat mong makamit ang katuparan ng naisin ng Diyos. Dahil ikaw ay nilikha, dapat mong sundin ang Panginoong lumikha sa iyo, sapagkat ikaw ay likas na walang kapamahalaan sa iyong sarili, at walang kakayahang kontrolin ang sarili mong tadhana. Dahil isa kang taong naniniwala sa Diyos, dapat kang maghangad ng kabanalan at pagbabago. Dahil ikaw ay isang nilalang ng Diyos, dapat kang sumunod sa iyong tungkulin, at manatili sa iyong lugar, at huwag kang lumampas sa iyong tungkulin. Ito ay hindi upang pigilan ka, o supilin ka sa pamamagitan ng doktrina, kundi sa halip ay ang landas na makakatulong upang magampanan mo ang iyong tungkulin, at makakamit ito—at dapat makamit—ng lahat ng gumagawa ng katuwiran. … Nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay, kaya nga ginagawa Niyang sumailalim ang lahat ng nilikha sa Kanyang kapamahalaan at magpasakop sa Kanyang kapamahalaan; uutusan Niya ang lahat ng bagay, para lahat ng bagay ay nasa Kanyang mga kamay. Lahat ng nilikha ng Diyos, pati na ang mga hayop, halaman, sangkatauhan, kabundukan at mga ilog, at mga lawa—lahat ay kailangang sumailalim sa Kanyang kapamahalaan. Lahat ng bagay sa kalangitan at sa lupa ay kailangang sumailalim sa Kanyang kapamahalaan. Hindi sila maaaring magkaroon ng anumang pagpipilian at kailangang magpasakop ang lahat sa Kanyang mga pagsasaayos. Ito ay iniutos ng Diyos, at ito ang awtoridad ng Diyos. Inuutusan ng Diyos ang lahat, at inaayos at inihahanay ang lahat ng bagay, na bawat isa ay nakabukod ayon sa uri, at pinaglaanan ng sarili nilang posisyon, ayon sa kalooban ng Diyos. Gaano man iyon kalaki, walang anumang bagay ang makakahigit sa Diyos, lahat ng bagay ay nagsisilbi sa sangkatauhang nilikha ng Diyos, at walang anumang bagay ang nangangahas na sumuway sa Diyos o humingi ng anuman sa Diyos. Kaya ang tao, bilang isang nilalang ng Diyos, ay kailangan ding gampanan ang tungkulin ng tao. Siya man ang panginoon o tagapag-alaga ng lahat ng bagay, gaano man kataas ang katayuan ng tao sa lahat ng bagay, maliit na tao pa rin siya sa ilalim ng kapamahalaan ng Diyos, at isang tao lamang na walang kabuluhan, isang nilalang ng Diyos,

at hindi mangingibabaw sa Diyos kailanman. Bilang isang nilalang ng Diyos, dapat hangaring gampanan ng tao ang tungkulin ng isang nilalang ng Diyos, at hangaring mahalin ang Diyos nang hindi pumipili ng iba pa, sapagkat ang Diyos ay karapat-dapat sa pagmamahal ng tao. Yaong mga naghahangad na mahalin ang Diyos ay hindi dapat maghangad ng anumang personal na mga pakinabang o hangarin yaong personal nilang inaasam; ito ang pinakatamang paraan ng paghahangad. Kung hinahangad mo ang katotohanan, kung isinasagawa mo ang katotohanan, at kung nagtatamo ka ng pagbabago sa iyong disposisyon, tama ang landas na iyong tinatahak. Kung hinahangad mo ang mga pagpapala ng laman, at isinasagawa mo ang katotohanan ng sarili mong mga palagay, at kung walang pagbabago sa iyong disposisyon, at hindi ka masunurin kailanman sa Diyos na nasa katawang-tao, at nabubuhay ka pa rin sa kalabuan, siguradong dadalhin ka sa impiyerno ng iyong hinahangad, sapagkat ang landas na iyong tinatahak ay ang landas ng kabiguan. Kung gagawin kang perpekto o aalisin ay depende sa iyong sariling paghahangad, na ibig ding sabihin ay ang tagumpay o kabiguan ay depende sa landas na tinatahak ng tao.

Hinango mula sa “Ang Tagumpay o Kabiguan ay Depende sa Landas na Tinatahak ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Nakabatay sa kanilang pag-uugali ang pamantayang ginagamit ng mga tao upang hatulan ang ibang mga tao; matuwid yaong ang asal ay mabuti, habang buktot yaong ang asal ay karumal-dumal. Ang pamantayan ng Diyos sa paghatol sa mga tao ay batay sa kung nagpapasakop ba o hindi sa Kanya ang kanilang diwa; matuwid na tao ang nagpapasakop sa Diyos, samantalang ang hindi nagpapasakop ay kaaway at isang buktot na tao, mabuti man o masama ang pag-uugali ng taong ito at kung tama man o mali ang kanyang pananalita. Nais ng ilang tao na gumamit ng mabubuting gawa upang magtamo ng magandang hantungan sa hinaharap, at nais ng ilang mga tao na gumamit ng maiinam na salita upang magkamit ng mabuting hantungan. Maling naniniwala ang lahat na

natutukoy ng Diyos ang kalalabasan ng mga tao pagkaraang mamasdan ang kanilang pag-uugali o pagkaraang makinig sa kanilang pananalita; kaya maraming tao ang nagnanais samantalahin ito upang linlangin ang Diyos na gawaran sila ng isang panandaliang pagtatangi. Sa hinaharap, ang mga taong makaliligtas sa isang kalagayan ng pamamahinga ay napagtiisan na ang lahat ng araw ng pagdurusa at nakapagpatotoo na rin para sa Diyos; lahat sila ay magiging mga tao na tinupad na ang kanilang mga tungkulin at kusa nang nagpasakop sa Diyos. Yaong mga nais lamang gamitin ang pagkakataon na gawin ang paglilingkod na kasama ang balak na iwasan ang pagsasagawa ng katotohanan ay hindi pahihintulutang manatili. May mga naaangkop na pamantayan ang Diyos para sa pag-aayos ng mga kalalabasan ng bawat tao; hindi Siya basta gumagawa ng mga kapasiyahang ito ayon sa mga salita at asal ng isang tao, o gumagawa Siya ng mga ito batay sa kung paano kumikilos ang isang tao sa isang tagal ng panahon. Lubos na hindi siya magiging maluwag hinggil sa buktot na asal ng isang tao dahil sa nakaraang paglilingkod nito sa Kanya, o hindi rin Niya ililigtas ang isang tao mula sa kamatayan dahil sa minsanang gugulin para sa Diyos. Walang sinuman ang makaiiwas sa paghihiganti para sa kanilang kabuktutan, at walang sinuman ang mapagtatakpan ang kanilang masamang pag-uugali at sa gayon ay makaiiwas sa mga paghihirap ng pagkawasak. Kung totoong matutupad ng mga tao ang sarili nilang tungkulin, nangangahulugan ito na walang hanggang matapat sila sa Diyos at hindi hinahangad ang mga pabuya, tumatanggap man sila ng mga biyaya o nagdurusa sa kasawian. Kung matapat sa Diyos ang mga tao kapag nakikita nila ang mga biyaya, ngunit nawawala ang kanilang katapatan kapag hindi nila nakikita ang anumang mga biyaya, at kung, sa huli, ay hindi pa rin nila nagagawang magpatotoo para sa Diyos o tuparin ang mga tungkuling kasalukuyang hawak nila, magiging mga pakay pa rin sila ng pagkawasak kahit pa dati na silang nakapagbigay ng matapat na paglilingkod sa Diyos. Sa madaling salita, hindi maaaring makaligtas hanggang sa kawalang-hanggan ang mga taong buktot, o makapapasok sa pamamahinga; tanging ang mga matuwid ang

mga panginoon ng pamamahinga.

Hinango mula sa “Papasok sa Pahinga ang Diyos at ang Tao Nang Magkasama” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

142. Ang mga Prinsipyo Kung Paano Pakikitunguhan ang mga Natural at Gawang-Taong Sakuna

(1) Anuman ang mga nangyayaring natural o gawang-taong sakuna, nangyayari nga sa kapahintulutan ng Diyos. Ang lahat ay mga pagpapahayag ng matuwid na disposisyon ng Diyos. Dapat na pagbulay-bulayan ng tao ang kanilang mga sarili at tunay na magsisi;

(2) May satanikong kalikasan ang lahat ng tiwaling sangkatauhan, na madalas na lumalaban sa Diyos at nagbubunsod ng Kanyang poot. Likas na dapat na humarap ng parehong natural at gawang-taong mga sakuna ang mga tao;

(3) Dapat na manalangin sa Diyos ang isang tao at magtiwala sa Kanya sa gitna ng mga sakuna at mga pagsubok. Tularan ang halimbawa ni Job, ni hindi sinisisi ang Diyos o tinatalikuran Siya. Sa halip, dapat na hangarin ng isang tao ang katotohanan at manindigan sa kanilang patotoo;

(4) Nagpapadala ng sakuna ang Diyos upang wasakin ang sataniko at masamang sangkatauhan. Nilalabanan at pinagtataksilan ng tao ang Diyos kung may pakikiramay sila para sa diyablong si Satanas, at wasakin man ang buo nilang pamilya, dapat pa rin nilang purihin ang Diyos.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang huling gawain Ko ay hindi lamang alang-alang sa pagpaparusa sa tao, kundi alang-alang din sa pag-aayos ng patutunguhan ng tao. Bukod dito, ito ay upang kilalanin ng lahat ng mga tao ang mga gawa at mga kilos Ko. Nais Kong makita ng bawat isang tao na tama ang lahat ng nagawa Ko na, at na ang lahat ng nagawa Ko na ay pagpapahayag ng disposisyon Ko. Hindi kagagawan ng tao, lalong hindi ng kalikasan, ang nagluwal sa sangkatauhan, kundi Ako, na nag-aaruga sa lahat ng nabubuhay na nilalang sa sangnilikha. Kung wala ang pag-iral Ko, mapapahamak lamang

ang sangkatauhan at pagdurusahan ang hagupit ng kapahamakan. Walang tao ang kailanman ay makikitang muli ang napakarikit na araw at buwan, o ang luntiang mundo; makakatagpo lamang ng sangkatauhan ang napakalamig na gabi at ang walang tinag na lambak ng anino ng kamatayan. Ako lamang ang kaligtasan ng sangkatauhan. Ako lamang ang pag-asa ng sangkatauhan at, higit pa rito, Ako ang Siya kung saan nakasalalay ang pag-iral ng lahat ng sangkatauhan. Kung wala Ako, agad na hihinto ang sangkatauhan. Kung wala Ako, magdurusa ng kapahamakan at yuyurakan ng lahat ng uri ng mga multo ang sangkatauhan, bagaman walang nagbibigay ng pansin sa Akin. Nakagawa na Ako ng gawaing walang ibang sinumang makagagawa, at umaasa lamang na mababayaran Ako ng tao ng ilang mabubuting gawa. Bagaman iilan lamang ang nagagawang makabayad sa Akin, tatapusin Ko pa rin ang paglalakbay Ko sa mundo ng tao at sisimulan ang susunod na hakbang ng naglaladlad na gawain Ko, sapagkat ang lahat ng nagmamadaling paroo't parito Ko sa gitna ng tao nitong maraming taon ay naging mabunga, at napakanasisiyahan Ako. Ang pinahahalagahan Ko ay hindi ang bilang ng mga tao, kundi ang mabubuti nilang gawa. Gayunman, umaasa Akong naghahanda kayo ng sapat na mabubuting gawa para sa patutunguhan ninyo. Kung gayon ay malulugod Ako; kung hindi, wala sa inyong makatatakas sa sakunang sasapitin ninyo. Magmumula sa Akin ang sakuna at mangyari pa ay isinasaayos Ko. Kung hindi kayo lilitaw bilang mabuti sa paningin Ko, hindi ninyo matatakasang pagdusahan ang sakuna.

Hinango mula sa "Maghanda ng Sapat na Mabubuting Gawa para sa Iyong Hantungan" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang awa Ko ay inihahayag sa mga nagmamahal sa Akin at nagtatatwa ng kanilang mga sarili. Samantala, ang kaparusahang sumasapit sa masasama ay mismong patunay ng matuwid na disposisyon Ko at, higit pa, patotoo sa poot Ko. Kapag sumapit ang sakuna, lahat ng sumasalungat sa Akin ay mananangis habang sila'y binibiktima ng taggutom at salot. Silang nakagawa na ng lahat ng uri ng kasamaan, ngunit sumunod na sa Akin

nang maraming taon, ay hindi makatatakas sa pagbabayad para sa kanilang mga kasalanan; sila rin ay mahuhulog sa sakuna, na ang katulad ay bihirang nakita sa loob ng milyon-milyong taon, at mamumuhay sila na palaging may sindak at takot. At yaong mga tagasunod Ko na nakapagpakita na ng katapatan sa Akin ay magagalak at pupurihin ang kapangyarihan Ko. Mararanasan nila ang di-mailarawang katiwasayan at mabubuhay sa gitna ng kagalakang kailanman ay hindi Ko pa naipagkaloob sa sangkatauhan. Dahil itinuturing Kong yaman ang mabubuting gawa ng tao at kinasusuklaman ang kanilang masasamang gawa. Mula nang una Kong simulang pangunahan ang sangkatauhan, masugid na Akong umaasa na makamit ang isang pangkat ng mga taong may kaisipang katulad ng sa Akin. Samantala, hindi Ko kailanman nalilimutan yaong mga hindi Ko kaisa sa pag-iisip; lagi Ko silang kinasusuklaman sa puso Ko, hinihintay ang pagkakataong gantihan Ko sila, na maiibigan Kong makita. Ngayon ay dumating na sa wakas ang araw Ko, at hindi Ko na kailangan pang maghintay!

Hinango mula sa “Maghanda ng Sapat na Mabubuting Gawa para sa Iyong Hantungan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa kalawakan ng mundo, umaapaw ang karagatan hanggang sa kaparangan, tumatabon ang kaparangan sa karagatan, nang paulit-ulit. Maliban sa Kanya na namumuno sa bawat bagay sa lahat ng bagay, walang sinumang may kakayahang umakay at gumabay sa sangkatauhan. Walang sinumang makapangyarihang magtatrabaho o maghahanda para sa sangkatauhang ito, lalo nang walang sinumang makakaakay sa sangkatauhang ito tungo sa hantungang liwanag at magpapalaya rito mula sa mga kawalan ng katarungan sa mundo. Nananangis ang Diyos sa hinaharap ng sangkatauhan, nagdadalamhati sa pagkahulog ng sangkatauhan, at nasasaktan dahil naglalakad ang sangkatauhan, nang dahan-dahan, patungo sa pagkabulok at sa landas na wala nang balikan. Wala pang nakakaisip kung saan ang maaaring patunguhan ng isang sangkatauhan na bumigo sa puso ng Diyos at nagtakwil sa Kanya para

hanapin ang diyablo. Ito mismo ang dahilan kung bakit walang nakadarama sa galit ng Diyos, kung bakit walang naghahanap ng paraan para mapalugod Siya o nagsisikap na mapalapit sa Kanya, at bukod pa riyan, kung bakit walang naghahangad na maunawaan ang Kanyang dalamhati at pasakit. Kahit matapos marinig ang tinig ng Diyos, patuloy na tumatahak ang tao sa sarili niyang landas, pilit na lumalayo sa Diyos, umiiwas sa biyaya at kalinga ng Diyos, at lumalayo sa Kanyang katotohanan, mas ginugustong ibenta ang kanyang sarili kay Satanas, ang kaaway ng Diyos. At sino na ang nakapag-isip—dapat bang ipilit ng tao ang katigasan ng kanyang ulo—tungkol sa kung paano kikilos ang Diyos sa sangkatauhang ito na nagpaalis na sa Kanya nang hindi man lang lumilingon? Walang nakakaalam na ang dahilan ng paulit-ulit na mga paalala't pangaral ng Diyos ay dahil inihanda na Niya sa Kanyang mga kamay ang isang walang-katulad na kalamidad, yaong hindi kakayanin ng katawan at kaluluwa ng tao. Ang kalamidad na ito ay hindi lamang isang kaparusahan sa katawan, kundi pati na rin sa kaluluwa. Kailangan mong malaman ito: Kapag nabigo ang plano ng Diyos, at kapag walang tumugon sa Kanyang mga paalala at pangaral, anong klaseng galit ang Kanyang ipamamalas? Isang bagay ito na hindi pa nararanasan o naririnig ng sinumang nilalang. Kaya sinasabi Ko, ang kalamidad na ito ay walang katulad, at hindi na mauulit kailanman. Sapagkat ang plano ng Diyos ay minsan lamang likhain ang tao, at minsan lamang iligtas ang sangkatauhan. Ito ang unang pagkakataon, at ito rin ang huli. Samakatuwid, walang makakaunawa sa matitiyagang intensyon at taimtim na pag-asam ng Diyos na iligtas ang sangkatauhan sa pagkakataong ito.

Hinango mula sa "Diyos ang Pinagmulan ng Buhay ng Tao" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Darating ang lahat ng uri ng sakuna, sunud-sunod; daranas ng mga kalamidad ang lahat ng bansa at lugar: Ang salot, taggutom, baha, tagtuyot, at mga lindol ay nasa lahat ng dako. Ang mga sakunang ito ay hindi lamang nangyayari sa isa o dalawang lugar, ni matatapos ang mga

iyon sa loob ng isa o dalawang araw; bagkus, kakalat ang mga iyon sa palawak nang palawak na lugar, at titindi nang titindi. Sa loob ng panahong ito, lilitaw nang sunud-sunod ang lahat ng uri ng mga salot na insekto, at mangyayari ang kababalaghan ng kanibalismo sa lahat ng dako. Ito ang Aking paghatol sa lahat ng bansa at mga bayan. Aking mga anak-na-lalaki! Hindi ninyo dapat pagdusahan ang sakit o ang paghihirap na dulot ng mga sakuna. Inaasam Kong dumating na kayo sa tamang gulang at, sa lalong madaling panahon, akuin ang pasanin na nakaatang sa Aking mga balikat. Bakit hindi ninyo nauunawaan ang Aking kalooban? Ang gawain sa hinaharap ay magiging pabigat nang pabigat. Napakatigas ba ng inyong mga puso para hayaan ninyo Akong abalang-abala, na kailangang mag-isang nagpapagal nang labis? Mas lilinawan Ko pa ang Aking sinasabi: Yaong gugulang ang mga buhay ay papasok sa kanlungan, at hindi magdurusa ng sakit o paghihirap; yaong hindi gugulang ang mga buhay ay dapat magdusa ng sakit at kapahamakan. Malinaw ang Aking mga salita, hindi ba?

Hinango mula sa “Kabanata 65” ng Mga Pagbigkas ni Cristo sa Pasimula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay naplano nang may katiyakan. Kapag nakakakita Siya ng isang bagay o sitwasyong nagaganap, sa Kanyang mga mata ay mayroong pamantayang magagamit na panukatan nito, at ang pamantayang ito ang magsasabi kung magsasagawa Siya ng isang plano sa pagharap nito o kung anong pamamaraan ang gagamitin sa pagharap sa bagay at sitwasyong ito. Hindi Siya walang pakialam o walang nararamdaman sa lahat ng bagay. Ang totoo ay lubos na kabaligtaran nito. May bersikulo rito na nagpapahayag ng sinabi ng Diyos kay Noe: “Ang wakas ng lahat ng tao ay dumating sa harap Ko; sapagka’t ang lupa ay napuno ng karahasan dahil sa kanila; at, narito, sila’y Aking lilipuling kalakip ng lupa.” Nang sinabi ito ng Diyos, ang ibig ba Niyang sabihin ay mga tao lamang ang lilipulin Niya? Hindi! Ang sabi ng Diyos ay lilipulin Niya ang lahat ng nabubuhay na laman. Bakit gusto ng Diyos ang panlilipol?

May isa pang pagbubunyag ng disposisyon ng Diyos dito; sa mata ng Diyos, may hangganan ang Kanyang pasensiya sa katiwalian ng tao, sa karumihan, karahasan, at pagsuway ng lahat ng laman. Ano ang Kanyang hangganan? Tulad ng sinabi ng Diyos: “At tiningnan ng Diyos ang lupa, at, narito sumama; sapagka’t pinasama ng lahat ng tao ang kanilang paglakad sa ibabaw ng lupa.” Ano ang ibig sabihin ng pariralang “sapagka’t pinasama ng lahat ng tao ang kanilang paglakad sa ibabaw ng lupa”? Ito ay nangangahulugan na anumang nabubuhay, kasama na ang mga sumusunod sa Diyos, ang mga tumatawag sa pangalan ng Diyos, ang mga minsan ay naghandog ng mga sinunog na alay sa Diyos, ang mga nagsalita ng pagkilala sa Diyos at nagpuri pa sa Diyos—sa sandaling ang kanilang mga asal ay mapuno ng katiwalian at makaabot sa mga mata ng Diyos, kailangan Niyang lipulin sila. Iyan ang hangganan ng Diyos. Kaya nanatiling gaano kahaba ang pasensya ng Diyos sa tao at sa katiwalian ng lahat ng laman? Hanggang sa lahat ng tao, maging mga sumusunod sa Diyos o hindi mananampalataya, ay hindi lumalakad sa tamang landas. Hanggang sa ang tao ay hindi lang tiwali ang moralidad at puno ng kasamaan, ngunit wala na ring naniniwalang may Diyos, lalo nang wala ang naniniwala na ang mundo ay pinaghaharian ng Diyos at makapagdadala ang Diyos ng liwanag at ng tamang landas. Hanggang sa ang tao ay nasuklam sa pag-iral ng Diyos at hindi pinayagang umiral ang Diyos. Sa sandaling umabot sa puntong ito ang katiwalian ng tao, hindi na ito matagalan ng Diyos. Ano ang papalit rito? Ang pagdating ng poot ng Diyos at kaparusahan ng Diyos.

Hinango mula sa “Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo I” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang sinasabi sa Genesis 19:24–25, “Nang magkagayo’y nagpaulan si Jehova sa Sodoma at Gomorra ng asupre at apoy mula kay Jehova na buhat sa langit; At ginunaw Niya ang mga bayang yaon, at ang buong kapatagan at ang lahat ng nananahan sa mga bayang yaon, at ang tumutubo sa lupang yaon.” Sinasabi ng dalawang bersikulong ito ang

paraan kung paano winasak ng Diyos ang lungsod na ito pati na rin kung ano ang winasak ng Diyos. Una, isinasalaysay ng Biblia na sinunog ng Diyos ang lungsod sa pamamagitan ng apoy, at ang lawak ng apoy na ito ay sapat na upang malipol ang lahat ng tao at lahat ng nabubuhay sa lupa. Ibig sabihin, hindi lamang winasak ng apoy na nagmula sa langit ang lungsod; winasak din nito ang lahat ng tao at lahat ng nabubuhay na bagay sa loob nito, hanggang sa wala nang natira ni isang bakas. Pagkatapos mawasak ang lungsod, naiwan ang lupang walang anumang bagay na nabubuhay. Wala nang buhay ni anumang palatandaan nito. Ang lungsod ay naging kaparangan, isang lugar na walang laman na napupuno ng nakabibinging katahimikan. Wala nang magagawang anumang masasamang gawa laban sa Diyos sa lugar na ito, wala nang patayan o pagdanak ng dugo.

Bakit ninais ng Diyos na sunugin ang lungsod na ito nang lubusan? Ano ang nakikita ninyo rito? Matitiis bang panoorin ng Diyos ang sangkatauhan at ang kalikasan, na Kanyang mga sariling nilikha, na mawasak nang ganito? Kung maunawaan mo ang galit ng Diyos na si Jehova mula sa apoy na pinaulan mula sa langit, hindi mahirap makita kung gaano katindi ang Kanyang poot, mula sa layon ng Kanyang pagwasak at sa tindi ng pagkawasak ng lungsod na ito. Kapag kinamumuhian ng Diyos ang isang lungsod, ibibigay Niya rito ang Kanyang kaparusahan. Kapag nasusuklam ang Diyos sa isang lungsod, padadalhan Niya ito ng paulit-ulit na babala upang ipabatid sa mga tao ang Kanyang galit. Ngunit kapag nagpasya ang Diyos na wakasan na at wasakin ang isang lungsod—iyon ay kapag napuno na ang Kanyang poot at kamaharlikahan—hindi na Siya magbibigay pa ng anumang mga kaparusahan o mga babala. Sa halip, tuluyan na Niya itong wawasakin. Lubusan na Niya itong paglalahuin. Ito ang matuwid na disposisyon ng Diyos.

Hinango mula sa “Ang Diyos Mismo, ang Natatangi II” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Alalahanin ang pangyayari sa Biblia noong ginawa ng Diyos ang pagkawasak sa Sodom, at isipin din kung paano naging isang haligi ng asin ang asawa ni Lot. Gunitain kung paanong ang mga tao ng Nineve ay nagsisi sa kanilang mga kasalanan na suot ang tela ng sako at abo, at gunitain kung ano ang sumunod matapos ipapako ng mga Judio si Jesus sa krus 2,000 taon na ang nakakaraan. Ang mga Judio ay pinatalsik mula sa Israel at tumakas patungo sa mga bayan sa buong mundo. Marami ang pinatay, at ang buong bansang Judio ay napasailalim sa wala pang katulad na pagwasak. Ipinako nila ang Diyos sa krus—gumawa ng isang kahindik-hindik na kasalanan—at inudyukan ang disposisyon ng Diyos. Sila ay pinagbayad sa kanilang ginawa, ipinatiis sa kanila ang mga kinahinatnan ng kanilang mga pagkilos. Hinatulan nila ang Diyos, itinakwil ang Diyos, kung kaya't sila ay nagkaroon lamang ng isang kapalaran: ang maparusahan ng Diyos. Ito ang mapait na kinahinatnan at kapahamakan na dinala ng kanilang mga pinuno sa kanilang bayan at bansa.

Hinango mula sa "Ang Diyos ang Namumuno sa Kapalaran ng Buong Sangkatauhan" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Matapos sabihin ng Diyos kay Satanas na, "Lahat niyang tinatangkilik ay nangasa iyong kapangyarihan; siya lamang ang huwag mong pagbuhatan ng iyong kamay," umalis si Satanas, at matapos noon ay sumailalim na si Job sa biglaan at mababangis na pag-atake: Una, ninakaw ang kanyang mga baka at mga asno at pinatay ang ilan sa mga tagapaglingkod niya; sumunod, sinunog ang ilan sa kanyang mga tupa at mga tagapaglingkod; matapos noon, kinuha ang mga kamelyo niya at pinatay ang mga tagapaglingkod niya; sa huli, pinaslang ang mga anak niyang lalaki at babae. Ang sunod-sunod na pag-atake na ito ay ang paghihirap na dinanas ni Job sa unang tukso. Ayon sa iniutos ng Diyos, ang mga ari-arian at mga anak lamang ni Job ang pinuntirya ni Satanas sa panahon ng mga pag-atake, at hindi niya sinaktan si Job. Gayunman, mula sa pagiging isang mayamang tao na nagmamay-ari ng malaking kayamanan, si Job ay biglang naging isang tao na wala kahit na anong ari-

arian. Walang sinuman ang may kakayahang matagalan ang mga kagila-gilalas na biglaang pag-atake na ito o tumugon sa mga ito nang maayos, ngunit si Job ay nagpakita ng kanyang pambihirang kakayahan. Nagbibigay ang Kasulatan ng sumusunod na salaysay: “Nang magkagayo’y bumangon si Job, at hinapak ang kaniyang balabal, at inahitan ang kaniyang ulo, at nagpatirapa sa lupa at sumamba.” Ito ang unang reaksyon ni Job pagkatapos niyang marinig na nawala sa kanya ang kanyang mga anak at lahat ng kanyang ari-arian. Higit sa lahat, hindi siya mukhang nagulat, o natakot, at lalong hindi siya nagpahayag ng galit o poot. Nakikita mo, sa gayon, na nakilala na niya sa kanyang puso na ang mga sakunang ito ay hindi isang aksidente, o gawain ng kamay ng tao, at lalong hindi dala ng paghihiganti o kaparusahan. Sa halip, dumating sa kanya ang mga pagsubok ni Jehova. Si Jehova ang nagnais na kunin ang kanyang ari-arian at mga anak. Napaka-mahinahon at malinaw ng pag-iisip ni Job noon. Ang kanyang perpekto at matuwid na pagkatao ang tumulong sa kanya upang makagawa ng mga makatwiran at likas na tumpak na mga paghatol at pagpapasya tungkol sa mga sakunang dumating sa kanya, at dahil dito, nagawa niyang kumilos nang may pambihirang kahinahunan: “Nang magkagayo’y bumangon si Job, at hinapak ang kaniyang balabal, at inahitan ang kaniyang ulo, at nagpatirapa sa lupa at sumamba.” Ang “hinapak ang kaniyang balabal” ay nangangahulugan na wala siyang suot, at walang pagmamay-ari; ang “inahitan ang kaniyang ulo” ay nangangahulugang bumalik siya sa Diyos bilang isang bagong silang na sanggol; ang “nagpatirapa sa lupa at sumamba” ay nangangahulugang dumating siya sa mundo nang hubad, at wala pa ring pag-aari sa ngayon, ibinalik siya sa Diyos na tila isang bagong silang na sanggol. Ang saloobin ni Job sa lahat ng sinapit niya ay hindi maaaring makamit ng anumang nilalang ng Diyos. Ang kanyang pananampalataya kay Jehova ay hindi kapani-paniwala; ganito ang kanyang takot sa Diyos at pagkamasunurin sa Diyos, at hindi lamang siya nagpasalamat sa Diyos sa pagbibigay sa kanya, ngunit pati na rin sa pagkuha mula sa kanya. Higit pa rito, nagawa niyang ibalik sa Diyos ang lahat ng kanyang pag-aari, kasama na ang

kanyang buhay.

Hinango mula sa “Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo II” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kahit na hindi pa kailanman nakikita ni Job ang Diyos o naririnig ang mga salita ng Diyos sa kanyang sariling mga tainga, ang Diyos ay may lugar sa puso ni Job. Ano ang saloobin ni Job sa Diyos? Ito ay, tulad ng tinukoy natin dati, “purihin ang pangalan ni Jehova.” Ang kanyang pagpapala sa pangalan ng Diyos ay walang kondisyon, walang kinalaman sa konteksto, at hindi nakatali sa anumang dahilan. Nakikita natin na ibinigay ni Job ang kanyang puso sa Diyos, pinahintulutan niya na pamahalaan ito ng Diyos; lahat ng inisip niya, lahat ng pagpapasya niya, at lahat ng binalak niya sa kanyang puso ay inilatag sa Diyos at hindi itinago mula sa Diyos. Ang kanyang puso ay hindi sumalungat sa Diyos, at hindi niya kailanman hiningi sa Diyos na gawin ang kahit na ano para sa kanya o ibigay ang anumang bagay, at hindi siya nagtanim ng mga marangyang hangarin na may makukuha siyang anumang bagay mula sa kanyang pagsamba sa Diyos. Si Job ay hindi nakipagpalitan sa Diyos, at hindi humiling o humingi sa Diyos. Ang kanyang pagpupuri sa pangalan ng Diyos ay dahil sa dakilang kapangyarihan at awtoridad ng Diyos sa pamumuno sa lahat ng bagay, at hindi nakasalalay sa kung siya ay nagkamit ng pagpapala o nakaranas ng kalamidad. Naniwala siya na kung magbibigay man ng pagpapala ang Diyos sa mga tao o kaya ay magdudulot ng kapahamakan sa kanila, ang kapangyarihan at awtoridad ng Diyos ay hindi magbabago, at dahil dito, anuman ang kalagayan ng isang tao, ang pangalan ng Diyos ay dapat na purihin. Dahil sa dakilang kapangyarihan ng Diyos, pinagpala ang tao, at kapag dumating ang sakuna sa tao, ito ay dahil din sa dakilang kapangyarihan ng Diyos. Ang kapangyarihan at awtoridad ng Diyos ay namamahala at nagsasaayos ng lahat tungkol sa tao; ang pabago-bagong kapalaran ng tao ay pagpapahayag ng kapangyarihan at awtoridad ng Diyos, at kung anuman ang pananaw ng tao, ang pangalan ng Diyos ay dapat na papurihan. Ito

ang naranasan at nalaman ni Job sa mga taon ng kanyang buhay.

Hinango mula sa “Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo II” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Bilang bahagi ng sangnilikha, anong basehan ng iyong mga pag-uutos sa Diyos? Hindi kwalipikado ang tao na mag-utos sa Diyos. Ang utusan ang Diyos ay ang pinakawalang-katuwirang bagay sa lahat. Gagawin ng Diyos ang anumang Kanyang ninanais, at may karapatan ang Diyos na huwag gawin ito sa ganitong paraan. May karapatan Siyang tanganan ang mga bagay na ito sa Kanyang sarili. Ang sarili Niyang disposisyon ay matuwid. Ang pagkamatuwid sa anumang paraan ay walang-kinikilingan at makatwiran, hinahati ang isa sa dalawa, ginagantimpalaan ka ayon sa dami ng gawain na iyong ginagawa o binabayaran ka para sa kumg gaano karami ng gawain na iyong natapos. Hindi ito ang pagkamatuwid ng Diyos. Naniniwala ka na ginagawa ng bawa’t isang tao ang kanyang bahagi, na ang pamamahagi ay naaayon sa natapos na gawain, at ang bawa’t isang tao ay tumatanggap ng nararapat sa kanya ayon sa kanyang inilalagak; wala nang iba maliban dito ang pagkamatuwid. Halimbawa ay inalis ng Diyos si Job pagkatapos na sumaksi ni Job para sa Kanya. Matuwid rin dito ang Diyos. Bakit sinasabi na Siya ay matuwid? Ang pagsasabi na matuwid ang Diyos sa paggawa nito, bakit sinasabi ang gayong bagay? Ang pagkamatuwid ay gayong bagay na kung ang isang bagay ay tutugma sa mga pagkaintindi ng mga tao, sasabihin ng mga tao na matuwid ang Diyos, na malayong mas madali, nguni’t kung hindi nakikita ng mga tao na tumutugma ito sa kanilang mga pagkaintindi, kung ito ay isang bagay na hindi maintindihan ng mga tao, kakailanganin ng mga tao ang matinding pagsisikap para maipaliwanag iyan bilang pagkamatuwid. Kung inalis Niya si Job nang panahong iyon, hindi sasabihin ng mga tao na matuwid ang Diyos. Kahit na may mga tao na nagsabing matuwid Siya, sasabihin nila ito nang napipilitan: “Ang Diyos si Jehovah ay maayos naman….” Sa totoo lang kung aalisin ng Diyos ang mga tao, tiwali man sila o hindi, dapat bang ipaliwanag ng Diyos ang mga dahilan ng pag-aalis sa mga tao? Kailangan

bang ipaliwanag Niya sa mga tao ang Kanyang basehan sa pag-aalis sa kanila? Hindi na kailangan, tama? Kailangan bang ibatay ito sa pagpreserba ng mga taong magagamit, at pag-aalis sa isang taong hindi magagamit? Hindi kailangan. Sa mata ng Diyos ang isang taong tiwali ay maaari Niyang pakitunguhan ayon sa Kanyang ikinasisiya. Paano man ito gawin ay naaangkop; lahat ay nasa Kanyang plano. Kung hindi kasiya-siya sa Kanyang paningin, wala ka nang silbi pagkatapos mong maging saksi at inalis ka, matuwid ba ito? Ito ay pagkamatuwid. Kahit na sa katotohanan ay hindi ito madaling maunawaan, kailangang magkaroon ka ng pagkaunawa bilang prinsipyo. Sabihin mo sa akin, matuwid ba ang pagwasak ng Diyos kay Satanas? Kung iniligtas Niya si Satanas? Marahil ay hindi ka maglalakas-loob na sabihin? Paano ito naging matuwid? Ang esensya ng Diyos ay pagkamatuwid. Kahit hindi madaling maunawaan kung ano ang ginagawa ng Diyos, lahat ng ginagawa Niya ay matuwid. Ito ay simple lamang na hindi nauunawaan ng mga tao, walang pagkakamali tungkol diyan. Nakikita mo na nang ibigay ng Diyos si Pedro kay Satanas, kung paano tumugon si Pedro: “Hindi kayang pasukin ng tao ang Iyong ginagawa, nguni’t sa lahat ng ginagawa Mo ay naroroon ang iyong mabuting kalooban. Sa lahat ng iyon ay naroroon ang pagkamatuwid. Paano akong hindi bibigkas ng papuri para sa Iyong mabubuting gawa?” Ngayon dapat mong pansinin na hindi agad inaalis ng Diyos si Satanas, upang makita ng tao kung paano ginawang tiwali ni Satanas ang mga tao, at kung paano iniligtas ng Diyos ang mga tao. Pagkatapos lamang na makita ng mga tao ang lawak ng pagiging-tiwali ng tao na ginawa ni Satanas, kung paanong ang listahan ng mga krimen ni Satanas ay nakararating sa mga kalangitan doon lamang sukdulang aalisin ng Diyos si Satanas, upang makita ng mga tao na naririto ang pagkamatuwid ng Diyos at ang Kanyang disposisyon. Lahat ng ginagawa ng Diyos ay matuwid. Kahit hindi mo ito matuklasan, hindi ka dapat humatol ayon sa iyong ikinasisiya. Kung sa tingin mo ay hindi ito makatwiran, o kung may pagkaintindi ka tungkol dito, at pagkatapos ay sinasabi mong ang Diyos ay hindi matuwid, ito ang pinaka-hindi-makatwiran. Ngayon-ngayon lang ay

nagbigay ako ng ilang negatibong mga halimbawa upang inyong pag-ibahin, at hindi kayo naglalakas-loob magsalita. Nakikita mo na may ilang mga bagay na hindi maabot ng isipan ni Pedro, gayunma'y nakatitiyak siya na ang karunungan ng Diyos ay naririto, na ang mabuting kalooban ng Diyos ay nasa lahat ng ito. Hindi kayang liripin ng tao ang lahat ng bagay. Napakaraming mga bagay ang hindi-malirip. Talagang hindi madaling bagay ang pag-alam sa disposisyon ng Diyos.

Hinango mula sa "Paano Mauunawaan ang Matuwid na Disposisyon ng Diyos" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sa panahong ito, yaong mga naghahangad at yaong mga hindi naghahangad ay dalawang ganap na magkaibang uri ng mga tao, na may labis na magkaiba ring mga hantungan. Yaong mga nagtataguyod sa kaalaman ng katotohanan at nagsasagawa ng katotohanan ang mga siyang pagdadalhan ng Diyos ng kaligtasan. Yaong mga hindi nababatid ang tunay na daan ay mga demonyo at kaaway; mga inapo sila ng arkanghel at magiging mga pakay ng pagwasak. Kahit yaong mga maka-Diyos na tagapaniwala ng isang malabong Diyos—hindi ba't mga demonyo rin sila? Ang mga taong nagtataglay ng mabubuting budhi ngunit hindi tinatanggap ang tunay na daan ay mga demonyo; paglaban sa Diyos ang kanilang diwa. Yaong mga hindi tinatanggap ang tunay na daan ay yaong mga lumalaban sa Diyos, at kahit nagtitiis ng maraming hirap ang gayong mga tao, wawasakin pa rin sila. Yaong mga mabigat sa kalooban na talikdan ang mundo, na hindi matiis na mawalay sa kanilang mga magulang, at hindi makatiis na alisin sa kanilang mga sarili ang mga pagtatamasa sa laman ay masuwayin sa Diyos, at magiging mga pakay ng pagkawasak. Sinumang hindi naniniwala sa Diyos na nagkatawang-tao ay malademonyo at, higit pa rito, wawasakin sila. Yaong mga may pananampalataya ngunit hindi isinasagawa ang katotohanan, yaong mga hindi naniniwala sa Diyos na nagkatawang-tao, at yaong mga hinding-hindi naniniwala sa pag-iral ng Diyos ay magiging mga pakay din ng pagwasak. Lahat yaong mga pahihintulutang manatili ay mga taong nagdaan na sa

pagdurusa ng pagpipino at matatag na nanindigan; mga tao itong tunay na tiniis ang mga pagsubok. Sinumang hindi kumikilala sa Diyos ay isang kaaway; ibig sabihin, sinumang hindi kumikilala sa Diyos na nagkatawang-tao—nasa loob man sila o nasa labas ng daloy na ito—ay isang anticristo! Sino si Satanas, sino ang mga demonyo, at sino ang mga kaaway ng Diyos kundi ang mga mapanlaban na hindi naniniwala sa Diyos? Hindi ba sila yaong mga taong masuwayin sa Diyos? Hindi ba sila yaong mga umaangkin na may pananampalataya, subalit salat sa katotohanan? Hindi ba sila yaong mga naghahangad na matamo lamang ang mga pagpapala samantalang hindi magawang magpatotoo para sa Diyos? Nakikihalubilo ka pa rin ngayon sa mga demonyong iyon at nag-uukol ng budhi at pagmamahal sa kanila, ngunit sa pangyayaring ito, hindi ka ba nag-aabot ng mabubuting layon kay Satanas? Hindi ka ba nakikisama sa mga demonyo? Kung hindi pa rin magawa ng mga tao sa mga araw na ito na makita ang kaibhan ng mabuti at masama, at patuloy na bulag na maging mapagmahal at maawain nang walang anumang layon na hangarin ang kalooban ng Diyos o magawang kupkupin bilang kanila sa anumang paraan ang mga layunin ng Diyos, magiging higit na kahabag-habag ang kanilang mga katapusan. Kaaway ng Diyos ang sinumang hindi naniniwala sa Diyos sa katawang-tao. Kung nakapag-uukol ka ng budhi at pagmamahal sa isang kaaway, hindi ka ba salat sa kahulugan ng pagiging matuwid? Kung bumabagay ka sa mga yaong kinamumuhian Ko at hindi Ko sinasang-ayunan, at nag-uukol pa rin ng pagmamahal o pansariling damdamin sa kanila, hindi ka ba masuwayin sa gayon? Hindi mo ba sinasadyang labanan ang Diyos? Nagtataglay ba ng katotohanan ang gayong tao? Kung nag-uukol ng budhi ang mga tao patungkol sa mga kaaway, pagmamahal sa mga demonyo, at habag kay Satanas, hindi ba nila sinasadyang gambalain ang gawain ng Diyos sa gayon? Yaong mga tao na naniniwala lamang kay Jesus at hindi naniniwala sa Diyos na nagkatawang-tao sa mga huling araw, gayundin yaong mga pasalitang inaangkin na naniniwala sa Diyos na nagkatawang-tao ngunit gumagawa ng masama, ay pawang anticristo, kahit hindi pa banggitin yaong mga hindi

man lamang naniniwala sa Diyos. Magiging mga pakay ng pagwasak ang lahat ng taong ito.

Hinango mula sa “Papasok sa Pahinga ang Diyos at ang Tao Nang Magkasama” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

143. Ang mga Prinsipyo Kung Paano Haharapin ang Sakit

(1) Lubos nang nagawang tiwali ni Satanas ang sangkatauhan na naging karaniwan na para sa kanila ang madalas na karamdaman. Dapat na makakuha ng aral ang isang tao kung paano lutasin ang katiwalian mula sa mga karamdaman na iyon, nang walang pagdaing at walang paninisi sa Diyos;

(2) Hindi lamang nagkataon na nakakakuha ng isang malubhang sakit ang isang tao; sa pagkakasakit, dapat na lumapit sa Diyos ang isang tao at suriin kung nakagawa ng ilang mga paglabag, at ipagtapat ito sa Kanya ng may pagsisisi;

(3) Pag-ibig ng Diyos ang pagkakaroon ng sakit. Dapat na hangarin ng isang tao ang katotohanan at magpasakop sa Diyos, at kahit na may sakit, dapat silang gumanap ng maayos sa kanilang tungkulin at manatiling tapat hanggang sa kahuli-hulihan. Tanging ang paggawa nito ang nakakatugon sa pagsang-ayon ng Diyos;

(4) Kapag may sakit, kagustuhan ng nagdurusang tao kung magpapagamot o magtitiwala lamang sa pananampalataya. Ang pinakamahalaga ay pagkilala sa kanyang sarili at pagpapadalisay sa kanyang katiwalian, na tiyak na alinsunod sa kalooban ng Diyos.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ano ang pinagmulan ng habambuhay na paghihirap mula sa kapanganakan, kamatayan, karamdaman, at pagtanda na tinitiis ng mga tao? Ano ang naging dahilan para magkaroon ng mga bagay na ito ang mga tao? Wala namang ganitong mga bagay ang mga tao noong una silang likhain, hindi ba? Saan, kung gayon, nagmula ang mga bagay na ito? Umiral ang mga bagay na ito matapos tuksuhin ni Satanas ang mga

tao at naging masama ang kanilang laman. Ang pananakit ng pantaong laman, ang mga hirap at kahungkagan nito, gayon din ang napakamiserableng mga problema sa mundo ng mga tao ay dumating lamang matapos nagawa nang tiwali ni Satanas ang sangkatauhan. Matapos gawing tiwali ni Satanas ang mga tao, sinimulan nitong pahirapan sila. Kaya naman, mas lalo silang naging masama. Ang mga karamdaman ng sangkatauhan ay lalo pang lumubha, at ang kanilang pagdurusa ay lalo pang lumala. Higit at higit, nadama ng mga tao ang kahungkagan at trahedya ng mundo ng tao, gayon din ang kanilang kawalan ng kakayahang patuloy na mabuhay roon, at mas lalong nabawasan ang kanilang pag-asa para sa mundo. Sa gayon, ang pagdurusang ito ay ibinagsak ni Satanas sa mga tao.

Hinango mula sa “Ang Kabuluhan ng Pagtikim ng Diyos ng Pagdurusa sa Mundo” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang Makapangyarihang Diyos, ang Pinuno ng lahat ng bagay, ay gumagamit ng Kanyang kapangyarihan bilang hari mula sa Kanyang luklukan. Namumuno Siya sa sansinukob at sa lahat ng bagay, at ginagabayan Niya tayo sa buong daigdig. Magiging malapit tayo sa Kanya sa bawat sandali, at haharap sa Kanya nang tahimik, na hindi nagsasayang kailanman ni isang sandali, at may mga aral tayong dapat matutuhan sa lahat ng oras. Lahat, mula sa kapaligirang nakapalibot sa atin hanggang sa mga tao, pangyayari, at bagay, ay umiiral sa pahintulot ng Kanyang luklukan. Huwag hayaang magkaroon ng hinaing sa inyong puso sa anumang dahilan, kung hindi ay hindi ipagkakaloob sa iyo ng Diyos ang Kanyang biyaya. Kapag dumapo ang karamdaman, ito ay pagmamahal ng Diyos, at tiyak na ang Kanyang mabubuting hangarin ay nakapaloob dito. Bagama’t maaaring medyo nahihirapan ang iyong katawan, huwag kang tumanggap ng mga ideya mula kay Satanas. Purihin ang Diyos sa gitna ng iyong karamdaman at tamasahin ang Diyos sa gitna ng iyong papuri. Huwag mawalan ng pag-asa kapag nagkaroon ka ng karamdaman, patuloy na maghanap at huwag susuko kailanman, at

tatanglawan ka ng Diyos ng Kanyang liwanag. Gaano ba ang pananampalataya ni Job? Ang Makapangyarihang Diyos ay isang manggagamot na makapangyarihan sa lahat! Ang manahan sa karamdaman ay ang magkasakit, subalit ang manahan sa espiritu ay ang gumaling. Hangga't may natitira kang hininga, hindi ka hahayaan ng Diyos na mamatay.

Nasa ating kalooban ang nabuhay na mag-uling buhay ni Cristo. Hindi maikakaila na kulang ang ating pananampalataya sa presensya ng Diyos: Nawa'y pagkalooban tayo ng Diyos ng tunay na pananampalataya sa ating kalooban. Tunay ngang matamis ang salita ng Diyos! Ang salita ng Diyos ay mabisang gamot! Hinihiya nito ang mga diyablo at si Satanas! Ang pag-unawa sa salita ng Diyos ay nagbibigay sa atin ng suporta. Mabilis na kumikilos ang Kanyang salita para iligtas ang ating puso! Iwinawaksi nito ang lahat ng bagay at pinapayapa ang lahat. Ang pananampalataya ay parang isang trosong tulay: Yaong mga nakakapit nang mahigpit sa buhay ay mahihirapang tumawid dito, ngunit yaong mga handang isakripisyo ang kanilang sarili ay makakatawid, nang hindi nahuhulog at walang pangamba. Kung ang tao ay nagkikimkim ng mga mahiyain at matatakuting kaisipan, iyon ay dahil nalinlang sila ni Satanas, natatakot na tatawirin natin ang tulay ng pananampalataya upang makapasok sa Diyos. Sinusubukan ni Satanas ang lahat ng posibleng paraan para ipadala sa atin ang mga ideyang ito. Dapat nating ipanalangin sa Diyos sa bawat sandali na tanglawan tayo ng Kanyang liwanag, umasa sa Diyos sa bawat sandali na alisin ang lason ni Satanas mula sa ating kalooban, magsagawa sa ating espiritu sa bawat sandali kung paano mapalapit sa Diyos, at hayaang magkaroon ang Diyos ng kapamahalaan sa ating buong katauhan.

mula sa "Kabanata 6" ng Mga Pagbigkas ni Cristo sa Pasimula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Paano dapat nararanasan ang pagsisimula ng karamdaman? Dapat kang humarap sa Diyos upang manalangin at hangaring maunawaan ang Kanyang kalooban, at suriin kung ano nga ba ang nagawa mong mali, o

kung anong mga tiwaling disposisyon ang nasa loob mo na hindi mo malutas. Hindi mo malulutas ang iyong mga tiwaling disposisyon nang walang sakit. Ang mga tao ay dapat na mapalakas ng sakit; sa ganoon lamang sila hihintong maging imoral at mamumuhay sa harap ng Diyos sa lahat ng oras. Laging mananalangin ang mga tao kapag naharap sa pagdurusa. Hindi nila maiisip ang pagkain, kasuotan, o kasayahan; sa kanilang puso, mananalangin sila at susuriin kung nakagawa ba sila ng anumang kamalian sa panahong ito. Kadalasan, kapag naghihirap ang tao sa malalang sakit o ilang kakaibang karamdaman, at nagdudulot ito ng matinding sakit sa kanila, ang mga bagay na ito ay hindi aksidenteng nangyayari; ikaw man ay may sakit o malusog, ang kalooban ng Diyos ang nasa likod ng lahat ng ito. Karaniwang kapag kumikilos ang Banal na Espiritu, nararamdaman mong maayos ang lahat. Kapag mabuti ang iyong kalusugan, nagagawa mong hangarin ang Diyos, ngunit sa pagsisimula ng paghihirap, hindi mo ito nagagawa, ni hindi mo alam kung paano ito gawin. Nabubuhay ka lang na may karamdaman, iniisip lamang kung paano ka gagaling upang mas mabilis itong malampasan. Sa ganitong mga panahon ay kinaiinggitan mo ang mga walang karamdaman, at hinihiling mong makawala sa sakit na ito sa lalong madaling panahon—ito ay negatibo at pasalungat na pag-iisip. Naiisip ng mga tao kung minsan, “Dulot ba ng sarili kong kahangalan ang karamdamang ito, o ang kalooban ba ng Diyos ang nasa likod nito?” Karaniwan ang ilang karamdaman, gaya ng kapag nagkasipon ka o may sobrang init sa katawan, o may trangkaso ka. Ngunit sa anumang malalang karamdaman—kapag pinabagsak ka ng sakit, at kapag bigla na lamang hindi makayanan ang buhay—ang ganoong uri ng pakiramdam o karamdaman ay hindi aksidenteng nangyayari. Nananalangin ka ba sa Diyos at hinahangad Siya sa pagsisimula ng karamdaman o sakit? At ang Banal na Espiritu ba ay nagbibigay-liwanag at tumatanglaw lamang sa iyo? Hindi ito ang tanging paraan ng Kanyang paggawa. Paano sinusubok ng Diyos ang mga tao? Hindi ba sa pamamagitan ng pagtulot sa kanilang magdusa ng sakit? Kapag mayroong mga pagsubok, may sakit—paano magdurusa ang mga tao kung walang

mga pagsubok? At paano magbabago ang mga tao kung walang pagdurusa? Kapag ang mga pagsubok ay may kasamang sakit, ito ang gawain ng Banal na Espiritu. Binibigyan kung minsan ng Diyos ng sakit ang tao, o hindi nila malalaman ang kataasan ng langit o kalaliman ng lupa, at magiging walang pakundangan sila. Sa ilang bagay, ang umasa lamang sa pagbabahagi sa katotohanan ay hindi makalulutas sa problema. Sinasabi sa iyo ng ibang tao ang problema mo, at ikaw mismo ay batid ito, ngunit hindi mo magawang magbago. Gaano ka man umasa sa iyong pagtitimpi, na marahil ay umabot pa sa pagsampal sa iyong mukha at pagpalo sa iyong ulo, hindi pa rin nito nalulutas ang problema, dahil nasa iyo pa rin ang iyong likas na pagkatao. Buhay ang bagay na ito, para itong buhay na mga naiisip ng tao, at maaari itong lumitaw anumang oras. Kung kaya ano ang puwede mong gawin kung hindi ito malulutas? Ang mga tao ay dapat na napipino ng ilang mga karamdaman, at kapag nangyari nga ito, mayroong mga tao na hindi kinakaya ang pasakit at nagsisimulang manalangin at maghanap. Ikaw ay imoral at walang pakundangan bago ka magkasakit, ngunit nagkaroon ka ng mabuting pag-uugali dahil sa pagkakasakit. Magiging walang pakundangan ka pa rin ba? Kapag mahina ang bawat salita mo, makapagtuturo ka pa rin ba sa mga tao, makapagyayabang ka pa rin ba? Sa ganoong mga panahon, wala kang hinihiling kundi ang matapos ang sakit, at wala kang pakialam kung ano ang kakainin, ano ang susuotin, ano ang kaaaliwan. Hindi pa nararanasan ng karamihan sa inyo ang ganoong pakiramdam. Mauunawaan ninyo kapag naranasan na ninyo ito.

Hinango mula sa “Tingnan ang Lahat ng Bagay sa Pamamagitan ng mga Mata ng Katotohanan”

sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Inilalagay ka ng Diyos minsan sa ilang sitwasyon, o ginagamit ang ilang tao upang makitungo sa iyo, upang aburiduhin ka, upang turuan ka ng leksyon; ito ang gawaing ginagawa ng Diyos ngayon, ito ay isang aspeto nito. Ang isa pang aspeto ay nagdudulot ang Diyos ng sakit sa iyong laman. Katulad ito ng sinasabi palagi ni Pablo na mayroong tinik sa

kanyang laman. Anong tinik ang sinasabi niya? Ito ay karamdaman. Alam na alam niya kung tungkol saan ang kanyang karamdaman: Ito ay tungkol sa kanyang disposisyon, sa kanyang likas na pagkatao. Kung wala ang tinik na ito, kung hindi siya pinahihirapan ng karamdaman, kung gayon sa anumang oras, sa anumang lugar, malamang ay susubukin niyang magtayo ng sariling kaharian, ngunit nawalan siya ng siglang gawin ito nang magkasakit siya. Kung gayon, ang pagkakasakit ay kadalasang isang "nangangalagang payong" para sa mga tao. Kung hindi ka nagkasakit, kung nasa mabuti kang kalagayan, marahil ay makagagawa ka ng ilang kasamaan, o makapananakit. Malamang na mawala ka sa katwiran kapag ikaw ay walang pakundangan at imoral, at kapag nagdulot ka ng gulo, pagsisisihan mo ito, at anumang mangyari ay hindi na nakasalalay sa iyo. Samakatuwid, mabuting bagay ang bahagyang pagkakasakit, pinapangalagaan nito ang mga tao. Maaaring magawa mong malutas ang mga paghihirap ng ibang tao at malutas din ang mga problema gamit ang sarili mong pag-iisip. Kung hindi gumaling ang iyong karamdaman, kung gayon ay wala ka nang magagawa tungkol dito. Kapag nagkasakit ka, hindi talaga ikaw ang may kontrol dito. Kapag nagkasakit ka at hindi ka bumubuti anuman ang gawin mo, kung gayon ang sakit na ito ay nararapat sa iyo, kung kaya huwag mong subukang kumawala rito. Dapat kang manalangin, maghangad, at magpasakop, at dapat mong hangarin ang mga layunin ng Diyos: "O Diyos! Alam kong tiwali ako, na masama ang aking likas na pagkatao, na malamang na makagawa ako ng mga bagay na maghihimagsik at lalaban sa Iyo, mga bagay na nagdudulot sa Iyo ng sakit at kirot, kung kaya mabuting ibinigay Mo sa akin ang karamdamang ito. Dapat akong magpasakop dito. Ngunit hinihiling ko na liwanagan Mo ako, na hayaan Mo akong malaman ang Iyong kalooban, at ipaunawa Mo kung ano ang Iyong babaguhin at gagawing perpekto tungkol sa akin. Tanging hiling ko lang na gabayan Mo ako, na hayaan Mo akong maunawaan ang direksyon ng landas ng buhay ng tao, na hayaan Mo akong maunawaan ang katotohanang ito." Dapat kang maghangad at manalangin. Huwag kang magpatuloy na walang kasiguraduhan at isiping, "Wala ito. Tiyak na

hindi ako nagkasala sa Diyos.” Huwag kang mabilis na magpasya. Kung totoong nasa puso mo ang Diyos, kung gayon ay hindi mo pakakawalan ang anumang nangyayari sa iyo. Ikaw ay mananalangin at maghahanap, kakapitan mo ang kalooban ng Diyos sa lahat ng pagkakataon, at kapag nakita ng Diyos ang pagiging masunurin mo, unti-unti Niyang babawasan ang iyong sakit.

Hinango mula sa “Tingnan ang Lahat ng Bagay sa Pamamagitan ng mga Mata ng Katotohanan” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Anuman ang mangyari sa iyo, dapat kang lumapit sa Diyos—ito ay tama. Dapat mong pagnilayan ang iyong sarili habang hindi inaantala ang pagganap ng iyong tungkulin. Huwag kang magnilay lang at hindi gampanan ang iyong tungkulin—mali iyon. Anumang pagsubok ang dumating sa iyo, dapat mong ituring ito bilang pasaning ibinigay sa iyo ng Diyos. Sabihin nang ilang mga tao ay nababalutan ng matinding karamdaman at hindi matitiis na pagdurusa, nahaharap pa sa kamatayan ang ilan. Paano nila dapat harapin ang ganitong uri ng kalagayan? Sa maraming pagkakataon, ang mga pagsubok ng Diyos ay mga pasaning ibinibigay Niya sa mga tao. Gaano man kalaki ang pasaning ipagkaloob sa iyo ng Diyos, iyon ang bigat ng pasanin na dapat mong gawin, sapagkat nauunawaan ka ng Diyos, at alam Niyang kakayanin mo ito. Ang pasaning ibinigay sa iyo ng Diyos ay hindi lalampas sa iyong tayog o sa mga kakayahan ng iyong tatag, kaya’t walang tanong na kaya mong itong pasanin. Anumang uri ng pasanin ang ibinibigay sa iyo ng Diyos, o anumang uri ng pagsubok ang ibinibigay Niya sa iyo, tandaan mo ito: Kapag nananalangin, nauunawaan mo man o hindi ang kalooban ng Diyos, nakakamit mo man o hindi ang kaliwanagan at pagpapalinaw ng Banal na Espiritu, at kung ang pagsubok ay pagdidisiplina sa iyo ng Diyos o pagbibigay sa iyo ng babala, hindi mahalaga kung hindi mo nauunawaan ito. Hangga’t hindi ka tumitigil sa paggawa ng tungkuling dapat mong gawin, at kaya mong kumapit dito nang matapat, malulugod ang Diyos sa ganitong paraan at makakatayo kang saksi. Nakikitang nagdurusa sila

mula sa malubhang karamdaman at mamamatay, iniisip ng ilang mga tao sa kanilang sarili: “Nagsimula akong maniwala sa Diyos upang maiwasan ang kamatayan—ngunit lumalabas na kahit matapos ang maraming taon ng paggampan sa aking tungkulin, hahayaan Niya akong mamatay. Dapat ituloy ko ang mga Gawain ko at kalimutan ang pagtupad ng aking tungkulin.” Anong pag-uugali ito? Ginagawa mo ang tungkulin mo sa loob ng maraming mga taon, nakinig ka sa lahat ng mga sermong ito, at hindi mo pa rin nauunawaan ang katotohanan. Ibinagsak ka ng isang pagsubok, pinaluhod ka, inilantad ka. Karapat-dapat bang pangalagaan ng Diyos ang gayong tao? Ganap silang walang katapatan. Kaya’t anong tawag sa tungkulin na ginagampanan nila sa mga nakaraang taon? Kilala ito bilang “paggawa ng serbisyo,” at pinagpipilitann lamang nila ang kanilang sarili. Kung, sa iyong pananampalataya sa Diyos at paghahanap sa katotohanan, masasabi mong, “Anumang karamdaman o hindi magagandang pangyayari ang payagan ng Diyos na mangyari sa akin—anumang gawin ng Diyos—kailangan kong sumunod, at manatili sa aking lugar bilang nilikhang nilalang. Bago ang lahat, dapat kong ilagay ang aspektong ito ng katotohanan—pagsunod—sa pagsasagawa, ipatutupad ko ito, at isasabuhay ang katotohanan ng pagsunod sa Diyos. Bukod dito, hindi ko dapat itakwil ang iniutos sa akin ng Diyos at ang tungkuling dapat kong gampanan. Kahit na sa huling hininga ko, dapat kong sumunod sa aking tungkulin.” Hindi ba ito pagpapatotoo? Kapag mayroon ka ng ganitong kapasiyahan at ganitong uri ng kalagayan, magagawa mo pa bang magreklamo tungkol sa Diyos? Hindi, hindi mo na magagawa. Sa ganitong panahon, dapat mong isipin sa sarili mo, “Binibigyan ako ng Diyos nitog hininga, naglaan Siya para sa akin sa lahat ng mga taon, kinuha Niya ang labis na sakit mula sa akin, binigyan ako ng maraming biyaya, at maraming katotohanan. Naunawaan ko ang maraming katotohanan at misteryo na hindi naunawaan ng mga tao sa mga nagdaang henerasyon. Napakarami kong nakamit mula sa Diyos, kaya dapat kong suklian ang Diyos! Dati, ang tayog ko ay napakaliit, wala akong nauunawaann, at lahat ng aking ginawa ay nakasasakit sa Diyos. Maaaring wala na akong ibang pagkakataon para

suklian ang Diyos sa hinaharap. Gaano man karaming panahon ang natitira sa akin, dapat kong ilaan ang kaunting lakas na mayroon ako at gawin ang aking makakaya para sa Diyos, upang makita ng Diyos na hindi nabale-wala ang lahat ng taon ng paglalaan para sa akin, ngunit nagbunga. Hayaang magdala ako ng lugod sa Diyos, at hindi na Siya saktan o biguin." Paano kung ganito mag-iisip? Huwag isipin kung paano iligtas ang iyong sarili o makatakas, iniisip, "Kailan gagaling ang karamdamang ito? Kapag magaling na, gagawin ko ang aking makakaya upang gampanan ang aking tungkulin at maging matapat. Paano ako magiging matapat kung may karamdaman ako? Paano ko magagawa ang tungkulin ng isang nilikhang nilalang?" Hangga't mayroon kang iisang paghinga, hindi mo ba kayang gampanan ang iyong tungkulin? Hangga't mayroon kang isang paghinga, kaya mo bang hindi magdala ng kahihiyan sa Diyos? Hangga't mayroon kang isang paghinga, hangga't matino ang iyong pag-iisip, kaya mo bang hindi magreklamo tungkol sa Diyos? Madaling sabihing "Oo" ngayon, ngunit hindi magiging madali kapag nangyari na talaga ito sa iyo. At sa gayon, kailangan ninyong hangarin ang katotohanan, laging magsumikap sa katotohanan, at gumugol ng mas maraming oras sa pag-iisip, "Paano ko mabibigyang kasiyahan ang kalooban ng Diyos? Paano ko susuklian ang pag-ibig ng Diyos? Paano ko magagawa ang tungkulin ng isang nilikhang nilalang?" Ano ang nilikhang nilalang? Ang responsibilidad ba ng isang nilikhang nilalang ay makinig lamang sa mga salita ng Diyos? Hindi—ito ay isabuhay ang mga salita ng Diyos. Binigyan ka ng Diyos ng napakaraming katotohanan, napakaraming daan, at napakaraming buhay, upang isabuhay mo ang mga bagay na ito, at magpatotoo sa Kanya. Ito ang dapat gawin ng isang nilikhang nilalang.

Hinango mula sa "Nagmumula ang Landas sa Madalas na Pagninilay-Nilay sa Katotohanan" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang pagdurusa ng karamdaman ay isang paghihirap para sa mga tao sapagkat ang ilang mga sakit ay maaaring maglagay sa kanila sa panganib anumang oras. Sa katunayan, kung ang mga tao ay tunay na may

pananampalataya sa Diyos, ang unang bagay na nararapat nilang maunawaan ay ang katotohanang nasa Kanyang kamay ang itatagal ng kanilang buhay. Kapag nagbibigay ang Diyos ng karamdaman sa mga tao, tila sakit iyon sa kanila, ngunit, ang tunay na katotohanan, ang ipinagkaloob sa kanila ay biyaya, hindi karamdaman. Una sa lahat, kailangan munang kilalanin at tiyakin ng mga tao ang tungkol sa katotohanang ito, at tanggapin ito ng buong kaseryosohan. Kapag ang mga tao ay nagdurusa sa karamdaman, madalas silang lumalapit sa Diyos at tinitiyak nilang gawin ang nararapat nang may kahinahunan at pag-iingat, at ginagawa ang kanilang tungkulin nang may higit na pagmamahal at kasipagan kaysa sa iba. Kapag ang mga tao ang pinag-uusapan, ito ay isang pangangalaga, hindi mga kadena. Ito ay ang negatibong paraan ng pangangasiwa ng mga bagay-bagay. Isa pa, ang haba ng buhay ng bawat isa ay itinadhana na ng Diyos. Kung ang isang karamdaman ay nakikitang tila patungo na sa kamatayan, ngunit, mula sa pananaw ng Diyos, ang iyong takdang oras ay hindi pa dumarating at ang iyong layunin ay hindi pa natatapos, hindi ka pa Niya kukunin. Kung hindi ka pa nakatakdang mamatay, kahit na hindi ka nananalangin, o hindi iniingatan ang iyong sarili, o hindi ito nakikita bilang isang malalang bagay upang ipagamot, hindi ka maaaring mamatay. Kung pinagkatiwalaan ka ng Diyos ng isang tagubilin, at ang iyong layunin ay hindi pa tapos, hindi ka Niya hahayaang mamatay, at pananatilihin kang buhay hanggang sa huling sandali. May pananampalataya ka ba rito? Kung wala, patuloy kang maingat na mananalangin at magsasabing, “O, Diyos! Kailangan kong matapos ang tagubilin sa akin. Nais kong gamitin ang aking mga huling panahon ng may buong pagmamahal sa Iyo, upang wala akong pagsisihan!” Malimit kang gumawa ng mga ganoong dahilan at gumamit ng ganoong mga pamamaraan sa pagsisikap na makipagkasunduan sa Diyos. Ang totoo, kahit subukan mong makipagkasunduan para sa karagdagang panahon, o hindi mo man pansinin ni kaunti ang iyong karamdaman, wala iyong halaga; sa pananaw ng Diyos, hangga’t nagagampanan mo ang iyong tungkulin at ginagamit ka pa rin, at hangga’t nais ka pa Niyang gamitin at

determinadong gawin iyon—kung hindi ka pa nakatakdang mamatay—hindi ka nga maaaring mamatay sapagkat pinagpasyahan na ng Diyos ang itatagal ng iyong buhay bago pa nilikha ang daigdig. May pananampalataya ka ba rito? Kung tinatanggap mo ito bilang isang paksa lamang ng doktrina, ang iyong mga gagawing desisyon ay magiging gayon lamang at wala ng higit pa; kung tinatanggap mo sa kaibuturan ng iyong puso na gagawin iyon ng Diyos, magkakaroon ng maraming pagbabago sa paraan ng paggawa mo ng mga bagay-bagay at kung paano ka kumikilos. Walang duda, maysakit man o wala, lahat ng tao ay dapat na mamuhay nang may pangkaraniwang kaalaman pagdating sa pangangalaga ng kanilang kalusugan. Kung ikaw ay magkasakit, kailangan mo ring magkaroon ng ilang pangkalahatang kaalaman kung paano gamutin ang iyong sakit. Ito ay isang bagay na dapat gawin ng mga tao sa kanilang sarili. Gayunman, ang paggamot ng isang karamdaman sa ganitong paraan ay hindi dapat naglalayong hamunin ang haba ng buhay na itinakda ng Diyos para sa iyo, ni hindi mo dapat gawin upang masiguradong mabubuhay ka sa haba ng panahong itinakda Niya para sa iyo. Ano ang ibig sabihin nito? Maaari itong sabihin sa ganitong paraan: Sa pasibong pagtingin, kung hindi mo siniseryoso ang iyong karamdaman, tinutupad ang iyong tungkulin sa paano mang paraang nararapat, at nagpapahinga ng bahagyang higit kaysa iba, kung hindi mo ipinagpaliban ang iyong tungkulin, mas lalala ba ang iyong karamdaman? Hindi, ni hindi rin ito hahantong sa iyong kamatayan, na nakadepende sa kung ano ang ginagawa ng Diyos. Sa madaling salita, kung sa pananaw ng Diyos, ang iyong naitakdang haba ng buhay ay hindi pa nakukumpleto, hindi Niya hahayaang ikaw ay mamatay kahit magkasakit ka man. Kung ang iyong sakit ay hindi nakamamatay ngunit dumating na ang iyong takdang oras, kukunin ka ng Diyos kailan man Niya naisin. Hindi ba ito tanging sa kahabagan lamang ng kalooban ng Diyos? Ito ay tanging sa kahabagan lamang ng Kanyang pagtatakda! Ganito mo dapat tingnan ang bagay na ito. Maari mong gawin ang bahagi mo at pumunta sa doktor, uminom ng mga gamot, bantayan ang iyong kalusugan, at mag-ehersisyo, ngunit kailangan maunawaan mo sa iyong

kaibuturan na ang buhay ng tao ay nasa kamay ng Diyos, at ang haba ng buhay ng tao ay naitakda na ng Diyos. Walang sinuman ang makalalampas sa kung anong naitakda na ng Diyos. Kung hindi mo tinataglay ang kahit na maliit na sukat ng pagkaunawang ito, tunay ngang wala kang pananampalataya at hindi tunay na naniniwala sa Diyos.

Sa oras na ang ilang mga tao ay nagkakaroon ng bahagyang karamdaman, pinapahirapan nila ang kanilang mga isip at ginagamit ang lahat ng uri ng pamamaraan upang gamutin ito, ngunit, anuman ang kanilang gawin, hindi sila napapagaling. Kapag lalo nilang ginagamot ang karamdaman, mas lalo itong lumalala. Hindi sila basta na lang lumalapit sa Diyos para mahanap kung ano ba talaga ang sanhi ng kanilang pagkakasakit, o upang matuklasan ang ugat ng kanilang karamdaman; nag-iisip sila sa kanilang sarili kung paano ito haharapin. Bilang resulta, sa kabila ng lahat ng mga pamamaraang nagamit na nila, nananatili ang kanilang karamdaman, hanggang, sa oras na tumigil na sila sa pagtatangkang gamutin ito, ay bigla na lang itong nawawala nang hindi nila namamalayan. Maaaring ang ibang tao ay magkaroon ng tila isang hindi kapansin-pansing karamdaman at sasabihing, “Wala ito; hindi ko ito kailangang ipatingin. Ilalagay ko na lang ang tiwala ko sa Diyos”—at pagkatapos, isang araw, bigla na lang silang namamatay. Bakit nangyayari iyon? Nangyayari iyon dahil sa pananaw ng Diyos, ang layunin ng taong iyon sa daigdig ay tapos na kaya kinukuha na siya ng Diyos. Mayroong mga namamatay ng hindi nagkakasakit, at mayroon ding mga taong may malalang sakit na hindi namamatay, at nakakaya pang mabuhay ng karagdagang sampu o dalawampung taon. Itong lahat ay depende sa kung ano ang naitakda na ng Diyos. Kung tinatanggap mo ito, mayroon kang tunay na pananampalataya sa Diyos. Kung, sa paglipas ng panahon, lumala ang iyong karamdaman at kailanganin mong uminom ng gamot upang mapigil ito, inumin mo ang iyong gamot gaya ng karaniwan at mag-ehersisyo; magpahinga at mahinahon na harapin ang iyong sitwasyon. Ano ang paniniwala mo sa ganitong saloobin? Ito ay isang uri ng saloobing ikinasisiya ng mga taong may totoong pananampalataya sa Diyos. Hindi ka

umiinom ng gamot o nagpapabakuna, at hindi nag-eehersisyo o inaalagaan ang iyong kalusugan, ngunit labis-labis ka pa ring nag-aalala, at walang tigil na nananalangin. Sinasabi mo, “O Diyos, kailangan kong gawin ang aking pinakamainam upang magampanan ang aking tungkulin. Hindi ko pa natatapos ang aking layunin. Mayroon akong kahilingan at ako ay determinado; tanging Ikaw lamang ang makapagpapanatiling buhay sa akin hanggang sa huling oras, at tanging Ikaw lamang ang makatutupad ng aking kahilingan. Hindi ako maaaring mamatay; kung ako ay mamamatay, hindi ko maisasakatuparan ang aking tungkulin bilang isang nilalang na tao; ninanais kong luwalhatiin Ka at papurihan Ka hanggang sa huli. Nais kong makita ang araw ng kaluwalhatian Mo.” Sa panlabas, ang pagtanggi mong uminom ng gamot at mabakunahan ay maaaring magpakitang tila ikaw ay napakalakas at may buong pananampalataya sa Diyos, ngunit ang totoo, ang pananampalataya mo ay mas maliit pa kaysa isang buto ng mustasa: Ikaw ay lubhang natatakot at walang pagtitiwala sa Diyos. Ano ang nangyari? Paanong nangyari na wala ka palang tunay na pananampalataya sa Diyos? Lubos na hindi nauunawaan ng mga tao ang saloobin, mga prinsipyo at mga pamamaraang ginagamit ng Lumikha sa pagtingin sa mga nilikhang tao; umaasa ang mga tao sa kanilang sariling mga kakarampot na sapantaha, mga kuro-kuro at mga pag-aakala upang hulaan kung ano ang gagawin ng Diyos. Kung hahayaan ka ng Diyos na mabuhay, magiging maayos ka, gaano man kalala ang iyong karamdaman; kung hindi ka Niya pahihintulutang mabuhay, dapat kang mamatay kung gayon, at tiyak na mamamatay ka, kahit na wala ka man ni katiting na sakit. Totoong kaalaman at totoong pananampalataya ang maunawaan ito. Kung ganoon, nagkakataon lang bang hinahayaan ng Diyos na magkasakit ang mga tao? Hindi iyon nagkataon; isa iyong paraan upang dalisayin ang kanilang pananampalataya. Ito ay paghihirap na dapat na danasin ng mga tao. Kung hahayaan ka Niyang magkasakit, huwag mong subukang takasan ito; kung wala ka namang sakit, huwag mong hilingin iyon. Ang lahat ay nasa mga kamay ng Lumikha, at dapat na matutunan ng mga tao na hayaan ang kalikasan na mapangyari iyon. Ano ang kalikasan? Walang

anumang bagay sa kalikasan ang nagkataon lamang; lahat ito ay galing sa Diyos. Ito ang katotohanan. Sa mga nagdurusa sa parehong karamdaman, ang ilan ay mamamatay at ang iba naman ay mabubuhay; ang lahat ng ito ay naitakda na ng Diyos. Kung mabubuhay ka, nagpapatunay iyon na hindi mo pa natatapos ang layuning ibinigay sa iyo ng Diyos. Kailangan mong magsumikap ng mabuti sa pagtatapos nito at pahalagahan ang oras na iyon; huwag mo itong sayangin. Ganoon nga iyon. Kung maysakit ka, huwag mong subukang takasan ito, at kung wala ka naman sakit, huwag mo itong hilingin. Sa anumang bagay, hindi mo makukuha kung ano ang gusto mo sa pamamagitan lamang ng paghiling nito, ni matatakasan ang anuman dahil lamang gusto mo. Walang sinuman ang maaaring magbago sa alinmang pinagpasyahang gawin ng Diyos.

Hinango mula sa “Sa Paghahanap Lamang ng Katotohanan Malalaman ng Isang Tao ang mga Gawa ng Diyos” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Nananalangin ang ilang tao sa sandaling magkasakit sila, ngunit kapag nakita nilang hindi sila gumaling matapos nilang manalangin, namumuhay na lamang sila sa sakit, palaging nagrereklamo at nagsasabing, “Naniniwala ako sa Diyos, ngunit hindi Niya ako pinagagaling. May sakit ako buong araw….” At namamatay sila matapos magreklamo. Kung inalis ng Diyos ang iyong laman at itinapon ka sa Hades, kung gayon ay tapos na ang lahat para sa iyo—wala ka nang pagkakataong maligtas. Kung mamatay ka at mapunta sa impiyerno, sumuko na ang iyong kaluluwa. Magkakaroon ka pa ba ng isang pagkakataon kung ang gawain ng pagliligtas ay nakarating na sa panghuling yugto at hindi ka pa rin naililigtas? Wala ka nang mga pagkakataon! Kung ikaw ay mamatay habang nagaganap ang gawain ng pagliligtas ng Diyos, nakahanda na ang iyong destinasyon. Hindi ka mamamatay sa sakit na katandaan; hindi karaniwan ang iyong magiging kamatayan—ikaw ay mamamatay nang dahil sa pagpaparusa. At ang mga namamatay nang dahil sa pagpaparusa ay wala nang anumang pagkakataong maligtas, at maaaring maparusahan saanman! Hindi ba

naparusahan si Pablo sa Hades sa buong panahong ito? Dalawang libong taon na ang nakalipas, at pinarurusahan pa rin siya roon! Mas malalagot ka kung sinasadya mong magkasala—magiging mas malala ang iyong kaparusahan.

Sinasabi ng ibang tao, “Pakiramdam ko, matagal ng panahong wala ang gawain ng Banal na Espiritu sa akin. Palagi akong nagkakasakit at hindi maganda ang pakiramdam, at palagi akong nahaharap sa mahihirap na sitwasyon.” Ito ay tama. Kung minsan, gumagawa ang Banal na Espiritu sa isang kaparaanan, at kung minsan, gumagawa naman Siya sa ibang paraan; Kung minsan ay nililiwanagan ka Niya, ginagamit ang pagsasalamuha upang hayaan kang maunawaan ang ilang katotohanan, at kung minsan naman, gumagamit Siya ng mga sitwasyon upang liwanagan ka, mga sitwasyon kung saan masusubok ka, mapapatatag, mahuhubog, nang sa gayon ay lumago ka. Subalit, gawa ng tao ang ilang sakit. Nangyayari ang mga ito dahil hindi mo alam kung paano alagaan ang iyong sarili o ingatan ang iyong kalusugan, na dapat ay mas pinagtutuunan mo ng pansin. Ngunit gawang-tao man o kaloob ng Banal na Espiritu ang sakit, palagi itong espesyal na biyaya ng Diyos para sa iyo, ang lahat ay upang may matutunan kang aral, kaya’t dapat mong pasalamatan ang Diyos at huwag magreklamo. Batik para sayo ang bawat reklamo, isang kasalanang hindi malilinis! Kapag minsan kang nagreklamo, gaano katagal ang aabutin upang mabago mo ang iyong kalagayan? Maaaring abutin ng isang buwan upang itamang muli ang iyong sarili kapag naging negatibo ka ng kaunti; kapag nagrereklamo ka at nagsasabi ng ilang negatibong bagay, maaaring hindi mo maitatamang muli ang iyong sarili maging sa loob ng isang taon, at ititigil ng Banal na Espiritu ang Kanyang gawain. Isang seryosong bagay ang pagrereklamo. Nagiging mas mahirap para sa iyo ang matamo ang gawain ng Banal na Espiritu. Kinakailangan ng maraming pagsisikap sa pananalangin upang makatamo ng kaunting gawain ng Banal na Espiritu, at hindi madali ang lubusang baguhin ang iyong pag-iisip; maisasaayos mo lamang ito sa pamamagitan ng paghahangad sa katotohanan.

Hinango mula sa “Tingnan ang Lahat ng Bagay sa Pamamagitan ng mga Mata ng Katotohanan”

Walang sinuman ang nagpapatuloy sa kanilang buong buhay nang walang paghihirap. Para sa ilang tao, may kinalaman ito sa pamilya, para sa ilan, sa trabaho, para sa ilan, sa pag-aasawa, at para sa ilan, sa pisikal na karamdaman. Lahat ay naghihirap. Sinasabi ng ilan, “Bakit kailangan maghirap ang mga tao? Napakagandang mabuhay ng buong buhay natin nang mapayapa at masaya. Hindi maaaring hindi tayo maghirap?” Hindi—dapat maghirap ang lahat. Nagdudulot ang paghihirap na maranasan ng bawat tao ang napakaraming sensasyon ng pisikal na buhay, maaaring ang mga sensasyong ito ay positibo, negatibo, aktibo o passive; Nagbibigay sa iyo ng iba’t ibang damdamin at pagpapahalaga ng pagdurusa, na, para sa iyo, lahat ng karanasan sa buhay. Kung mahahanap mo ang katotohanan at hanapin ang kalooban ng Diyos mula sa mga ito, mas malalapit kung gayon sa mga layunin na ibinigay sa iyo ng Diyos. Iyon ay isang aspekto, at ito rin ay upang gawing mas may karanasan ang mga tao. Ang isa pang aspekto ay ang pananagutan na ibinibigay ng Diyos sa tao. Anong pananagutan? Ang makaranas ng paghihirap na ito. Dapat mong pagtiisanang paghihirap na ito. Kung matitiis mo, ito ay patotoo kung gayon. Nahaharap sa karamdaman, natatakot ang ilang taong malaman ng iba, sa palagay nila, isa itong bagay na nakakahiya, na sa katunayan ito ay hindi dapat ikahiya. Bilang isang normal na tao, kung, sa gitna ng karamdaman, natatanggap mo ang iba’t ibang mga uri ng pagdurusa na inayos ng Diyos para sa iyo, at nagagawa mo pa rin ang iyong tungkulin nang karaniwan, nakakumpleto ng mga komisyon na karaniwang binibigay sa iyo ng Diyos, ito ay patotoo kung gayon, at ito ay bagay na nagpapahiya at tumatalo kay satanas. At sa gayon, dapat tanggapin at isumite ng bawat nilikha at bawat tao ang anumang paghihirap. Ganito mo dapat ito unawain, umaayon ito sa kalooban ng Diyos, at ito ang hangarin ng Diyos. Ito ang isinasaayos ng Diyos para sa bawat nilikha. Ang paglalagay Niya sa iyo sa mga sitwasyong ito at kundisyon ay katumbas ng pagbibigay sa iyo ng

responsibilidad, obligasyon, at komisyon, dapat mong tanggapin ang mga ito sa gayon. Hindi ba ito ang katotohanan? Hangga't nagmula ito sa Diyos, hangga't ang Diyos ay humihiling sa iyo, ito ay katotohanan kung gayon. Bakit sinasabing ito ang katotohanan? Ito ay dahil kung tatanggapin mo ang mga salitang ito bilang katotohanan, kapag nakaharap ka sa isyu, malulutas ng mga salitang ito ang iyong mga kurokuro at paglaban, hahayaan ka nilang makadaan nang tuwid sa isyung ito, at hahayaan ka nilang magpatotoo, at hindi lumabag sa kalooban ng Diyos o maghimagsik laban sa Diyos. Kung magagawa mong sumuko sa mga kundisyon at sitwasyon na paglalagyan sa iyo ng Diyos, nauunawaan mo kung gyon ang katotohanan, at kung makakapagpatotoo ka, ikaw ay magbibigay ng kahihiyan kay satanas.

Hinango mula sa "Sa pamamagitan lamang ng Paglutas ng mga Kuro-kuro Maaaring Makapasok sa Tamang Landas ng Paniniwala sa Diyos (1)" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

144. Ang mga Prinsipyo Kung Paano Haharapin ang Kamatayan

(1) Parehong isinaayos at pinagpasyahan ng Diyos at ganap na nasa Kanyang mga kamay ang buhay at kamatayan ng tao. Hindi dapat magkaroon ng sariling kapasyahan ang tao tungkol sa bagay na ito;

(2) Pag-aaring lahat ng Diyos ang katawang-lupa at kaluluwa ng isang tao; hindi sila pag-aari ng tao. Dapat na ipagkatiwala ang mga ito sa mga kamay ng Diyos at umayon sa Kanyang pagsasaayos, sa buhay o kamatayan;

(3) Matuwid ang Diyos. Sinisiyasat Niyang mabuti ang kaibuturan ng puso ng tao, at parehong patas at makatuwiran ang Kanyang mga pagsasaayos para sa bawat tao. Huwag gumawa ng mga hinuha tungkol sa mga bagay na hindi mo maunawaan;

(4) Ang pagpapahintulot ng Diyos na mabuhay tayo ng isa pang araw ay nangangahulugang dapat nating gugulin ang ating mga sarili para sa Kanya. Pagiging isang halimaw o isang diyablo ang mabuhay para sa

kapakanan ng laman ng isang tao; tanging sa pag-unawa lamang sa katotohanan makapagpapasakop sa Diyos ang isang tao.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Sa kalakhan ng sansinukob at ng kalangitan, di-mabilang na mga nilikha ang naninirahan at nagpaparami, sumusunod sa batas ng siklo ng buhay, at sumusunod sa isang tuntuning hindi nagbabago. Yaong mga namamatay ay tinatangay ang mga kuwento ng mga buhay, at yaong mga buhay ay inuulit ang parehong kalunus-lunos na kasaysayan ng mga pumanaw na. Kaya nga, hindi maiwasan ng sangkatauhan na tanungin ang sarili: Bakit tayo nabubuhay? At bakit kailangan nating mamatay? Sino ang nag-uutos sa mundong ito? At sino ang lumikha sa sangkatauhang ito? Tunay bang nilikha ng Inang Kalikasan ang sangkatauhan? Tunay bang nasa kontrol ng sangkatauhan ang kanyang sariling kapalaran? … Ito ang mga bagay na walang tigil na itinatanong ng sangkatauhan sa loob ng libu-libong taon. Sa kasamaang-palad, habang mas nasasaisip ng tao ang mga katanungang ito, mas nagkakaroon siya ng pagkauhaw sa siyensya. Handog ng siyensya ang panandaliang kaluguran at pansamantalang kasiyahan ng laman, ngunit hindi sapat upang palayain ang tao mula sa pag-iisa, kalungkutan, at halos di-maitagong takot at kawalan ng magagawa sa kaibuturan ng kanyang kaluluwa. Ginagamit lamang ng sangkatauhan ang kaalaman sa siyensya na nakikita ng kanyang mata at nauunawaan ng kanyang utak upang gawing manhid ang kanyang puso. Gayunma'y hindi sapat ang gayong kaalaman sa siyensya upang pigilan ang sangkatauhan sa pagsisiyasat sa mga hiwaga. Hindi lamang alam ng sangkatauhan kung sino ang Pinakamakapangyarihan sa sansinukob at sa lahat ng bagay, lalo na ang simula at hinaharap ng sangkatauhan. Ang tao ay nabubuhay lamang, nang sapilitan, sa gitna ng batas na ito. Walang makakatakas dito at walang makakapagpabago rito, sapagkat sa lahat ng bagay at sa kalangitan ay Iisa lamang ang nagmumula sa walang hanggan hanggang walang hanggan na nagtataglay ng kataas-taasang kapangyarihan sa lahat. Siya Yaong hindi pa nakikita ng tao kailanman, Yaong hindi pa nakikilala ng sangkatauhan kailanman, na kung kaninong

pag-iral ay hindi pa napaniwalaan ng sangkatauhan kailanman—gayunma'y Siya ang nagbuga ng hininga sa mga ninuno ng sangkatauhan at nagbigay ng buhay sa sangkatauhan. Siya Yaong nagtutustos at nangangalaga sa sangkatauhan, na nagpapahintulot na siya ay umiral; at Siya Yaong nakagabay sa sangkatauhan hanggang ngayon. Bukod pa rito, Siya at Siya lamang ang inaasahan ng sangkatauhan para sa kaligtasan. Siya ang nagtataglay ng kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay at namumuno sa lahat ng nabubuhay sa sansinukob. Siya ang nag-uutos sa apat na panahon, at Siya ang tumatawag sa hangin, nagyelong hamog, niyebe, at ulan. Siya ang nagdadala ng sikat ng araw sa sangkatauhan at nagpapasimula sa gabi. Siya ang naglatag ng kalangitan at lupa, na nagbibigay sa tao ng mga kabundukan, lawa, at ilog at lahat ng nabubuhay roon. Ang Kanyang mga gawa ay nasa lahat ng dako, ang Kanyang kapangyarihan ay nasa lahat ng dako, ang Kanyang karunungan ay nasa lahat ng dako, at ang Kanyang awtoridad ay nasa lahat ng dako. Bawat isa sa mga batas at tuntunin na ito ay sagisag ng Kanyang mga gawa, at bawat isa ay naghahayag ng Kanyang karunungan at awtoridad. Sino ang hindi magpapasaklaw ng kanilang sarili sa Kanyang kataas-taasang kapangyarihan? At sino ang hindi magpapasakop ng kanilang sarili sa Kanyang mga plano? Lahat ng bagay ay umiiral sa ilalim ng Kanyang titig, at bukod pa rito, lahat ng bagay ay nabubuhay sa ilalim ng Kanyang kataas-taasang kapangyarihan. Ang Kanyang mga gawa at Kanyang kapangyarihan ay nag-iiwan sa sangkatauhan na walang pagpipilian kundi kilalanin ang katunayan na Siya ay totoong umiiral at nagtataglay ng kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay. Wala maliban sa Kanya ang makapag-uutos sa sansinukob, lalong walang makapaglalaan nang walang katapusan para sa sangkatauhang ito. Nagagawa mo mang kilalanin ang mga gawa ng Diyos, at naniniwala ka man sa pag-iral ng Diyos, walang duda na ang Diyos ang nagpapasiya sa iyong kapalaran, at walang duda na palaging tataglayin ng Diyos ang kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay. Ang Kanyang pag-iral at awtoridad ay hindi nakasalalay sa kung sila ay kinikilala at naiintindihan ng tao o hindi.

Siya lamang ang nakakaalam ng nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap ng tao, at Siya lamang ang maaaring magpasiya sa kapalaran ng sangkatauhan. Kaya mo mang tanggapin ang katunayan na ito, hindi na magtatagal bago masaksihan ng sangkatauhan ang lahat ng ito sa kanyang sariling mga mata, at ito ang katunayan na malapit nang isagawa ng Diyos. Ang sangkatauhan ay nabubuhay at namamatay sa ilalim ng mga mata ng Diyos. Ang tao ay nabubuhay para sa pamamahala ng Diyos, at kapag pumikit ang kanyang mga mata sa huling pagkakataon, para din sa pamamahalang ito kaya pumipikit ang mga ito. Ang tao ay dumarating at umaalis nang paulit-ulit, paroo't parito. Walang eksepsyon, lahat ng ito ay bahagi ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos at ng Kanyang plano.

Hinango mula sa "Maaari Lamang Maligtas ang Tao sa Gitna ng Pamamahala ng Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Tanging ang Lumikha ang may Kapangyarihan sa Buhay at Kamatayan ng Tao

Kung ang kapanganakan ng isang tao ay itinadhana ng nakaraan niyang buhay, samakatuwid ang kamatayan niya ang nagmamarka sa katapusan ng tadhanang iyon. Kung ang kapanganakan ng isang tao ay simula ng kanyang misyon sa buhay na ito, samakatuwid ang kamatayan niya ang nagmamarka sa katapusan ng misyong iyon. Yamang ang Lumikha ang nagtadhana ng isang itinakdang hanay ng mga pangyayari para sa kapanganakan ng isang tao, hindi man sabihin ay Siya rin ang nagsaayos ng isang itinakdang hanay ng mga pangyayari para sa kamatayan niya. Sa ibang salita, walang sinuman ang ipinanganak na nagkataon lang, walang kamatayan ang biglaan, at kapwa ang kapanganakan at kamatayan ay marapat na konektado sa nakaraan at kasalukuyang buhay ng isang tao. Ang mga pangyayari sa kapanganakan at kamatayan niya ay kapwa itinadhana ng Lumikha; ito ang tadhana ng isang tao, ang kapalaran ng isang tao. Dahil marami ang paliwanag tungkol sa kapanganakan ng isang tao, totoo rin na likas na magaganap ang kamatayan ng tao sa ilalim ng espesyal na hanay ng magkakaibang pangyayari, kung kaya may magkakaibang haba ng buhay ang mga tao at

magkakaibang kaparaanan at mga oras ang kanilang mga kamatayan. May ilang tao na malakas at malusog ngunit namamatay nang maaga; ang mga iba ay mahina at sakitin ngunit nabubuhay hanggang sa tumanda at namamatay nang mapayapa. Ang ilan ay namamatay sa di-natural na mga sanhi, ang iba'y sa natural na paraan. Ang ilan ay tinatapos ang kanilang mga buhay nang malayo sa tahanan, ang iba'y ipinipikit ang kanilang mga mata sa huling pagkakataon sa piling ng kanilang mga mahal sa buhay. Ang ilang tao ay namamatay sa himpapawid, ang iba'y sa ilalim ng lupa. Ang ilan ay lumulubog sa ilalim ng tubig, ang iba'y nawawala sa mga sakuna. Ang ilan ay namamatay sa umaga, ang iba ay sa gabi. … Ang lahat ay nagnanais ng isang tanyag na kapanganakan, isang maningning na buhay, at isang maluwalhating kamatayan, subalit walang sinuman ang makakawala sa sarili niyang tadhana, walang sinuman ang maaaring makatakas sa kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha. Ito ang kapalaran ng tao. Maaaring gawin ng tao ang lahat ng uri ng mga plano para sa kanyang kinabukasan, subalit walang sinuman ang maaaring makapagplano ng kaparaanan at panahon ng kanyang kapanganakan at ng kanyang pag-alis mula sa mundo. Bagaman ginagawa ng mga tao ang lahat ng kanilang makakaya upang iwasan at pigilan ang pagdating ng kamatayan, gayunpaman, tahimik na lumalapit ang kamatayan nang hindi nila nalalaman. Walang sinuman ang nakakaalam kung kailan o kung paano sila mamamatay, lalong hindi nila alam kung saan ito magaganap. Malinaw na hindi ang sangkatauhan ang humahawak ng kapangyarihan ng buhay at kamatayan, hindi isang nilalang sa natural na mundo, kundi ang Lumikha, na ang awtoridad ay natatangi. Ang buhay at kamatayan ng sangkatauhan ay hindi bunga ng ilang batas ng mundong natural, ngunit bunga ng kataas-taasang kapangyarihan ng awtoridad ng Lumikha.

Hinango mula sa "Ang Diyos Mismo, ang Natatangi III" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang Buhay na Ginugol sa Paghahangad ng Katanyagan at Yaman ay Iiwan ang Isang Tao na Nalilito sa Harap ng Kamatayan

Dahil sa kataas-taasang kapangyarihan at pagtatadhana ng Lumikha, ang isang malungkot na kaluluwa na nagsimula nang walang anuman sa pangalan niya ay nagkakaroon ng mga magulang at isang pamilya, ng pagkakataon na maging kasapi ng sangkatauhan, ng pagkakataon na maranasan ang buhay ng tao at makita ang mundo. Natatamo rin ng kaluluwa na ito ang pagkakataon na maranasan ang kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha, na malaman ang kahanga-hangang paglikha ng Lumikha, at higit pa riyan ay ang malaman at magpasakop sa awtoridad ng Lumikha. Subalit hindi tunay na sinasamantala ng karamihan ng mga tao ang pambihira at madaling lumipas na pagkakataong ito. Inuubos ng tao ang panghabambuhay na halaga ng enerhiya sa paglaban sa kapalaran, ginugugol ang lahat ng kanyang panahon sa pagiging abala para buhayin ang kanyang pamilya at nagpapabalik-balik sa pagitan ng kayamanan at katayuan. Ang mga bagay na pinakaiingat-ingatan ng mga tao ay ang pamilya, salapi, at katanyagan at itinuturing nila ang mga bagay na ito na pinakamahahalagang bagay sa buhay. Lahat ng tao ay nagrereklamo tungkol sa kanilang mga kapalaran, subalit isinasantabi pa rin nila sa kanilang mga isip ang mga usapin na pinakamahalagang suriin at unawain: bakit buhay ang tao, paano dapat mabuhay ang tao, ano ang kahalagahan at kahulugan ng buhay. Gaano man karaming taon sila magtatagal, ginugugol lamang nila ang buong buhay nila sa pagiging abala sa paghahanap ng katanyagan at mabuting kapalaran, hanggang sa lumipas na ang kabataan nila at maging matanda at kulubot na sila. Nabubuhay sila nang ganito hanggang sa makita nila na hindi mapapahinto ng katanyagan at mabuting kapalaran ang pagdausdos nila tungo sa katandaan, na hindi maaaring punan ng salapi ang kahungkagan ng puso; na walang sinuman ang malilibre mula sa mga batas ng pagsilang, pagtanda, pagkakasakit, at kamatayan, na hindi matatakasan ninuman ang kapalarang nakalaan sa kanila. Tanging kapag napilitan lamang silang harapin ang huling sugpungan ng buhay nila tunay na nauunawaan na kahit na magmay-ari ang isang tao ng napakalaking kayamanan at napakaraming ari-arian, kahit marami siyang pribilehiyo at may mataas na

katayuan, walang sinuman ang maaaring makatakas sa kamatayan, bawat isa ay babalik sa kanyang orihinal na posisyon: isang nag-iisang kaluluwa, na walang anuman sa pangalan niya. Kapag ang isang tao ay may mga magulang, naniniwala siya na ang kanyang mga magulang ang lahat; kapag ang isang tao ay may ari-arian, iniisip nila na ang salapi ang pangunahing sandigan niya, na ito ang pinagkukunan ng ikabubuhay ng isang tao; kapag ang mga tao ay may katayuan, mahigpit ang pagkapit nila rito at isasapalaran nila ang kanilang mga buhay dahil dito. Tanging kapag bibitawan na ng mga tao ang mundong ito nila matatanto na ang mga bagay na pinaggugulan nila ng kanilang buhay na kamtin ay parang mga dumaraang ulap lamang, wala sa mga ito ang maaari nilang panghawakan, wala sa mga ito ang maaari nilang isama, wala sa mga ito ang maaaring maglibre sa kanila mula sa kamatayan, wala sa mga ito ang maaaring magbigay ng makakasama o aliw sa isang malungkot na kaluluwa sa pagbabalik nito; at higit sa lahat, wala sa mga ito ang maaaring maligtas sa tao at magbigay sa kanya ng kakayahan na malampasan ang kamatayan. Ang katanyagan at mabuting kapalaran na natatamo ng isang tao sa materyal na mundo ay maaaring makapagbigay sa kanya ng panandaliang kasiyahan, lumilipas na kaaliwan, at isang huwad na pakiramdam ng kaluwagan; dahilan para mawala sa landas ang isang tao. Kaya habang sila'y kumakawag-kawag sa malawak na dagat ng sangkatauhan, nananabik sa kapayapaan, kaginhawahan, at kapanatagan ng puso, ang mga tao'y muli't muling nadadala sa ilalim ng mga alon. Kapag malalaman pa lamang ng mga tao ang mga katanungan na pinakamahalagang maunawaan—kung saan sila nanggaling, bakit sila nabubuhay, saan sila patutungo, at iba pa—sila ay naaakit ng katanyagan at mabuting kapalaran, inililigaw, kinokontrol ng mga ito, tuluyan nang nawala. Mabilis na lumilipas ang panahon; dumadaan ang mga taon sa isang kisapmata; at bago pa matanto ng isang tao, siya ay nakapagpaalam na sa pinakamaiinam na taon ng kanyang buhay. Kapag malapit nang lumisan ang isang tao mula sa mundo, unti-unti niyang natatanto na ang lahat sa mundo ay inaanod, na hindi na siya makakapit sa mga pag-aari niya na

orihinal na sa kanya; doon tunay na nararamdaman ng isang tao na siya ay walang kahit anong pag-aari, tulad ng isang tumataghoy na sanggol na kalalabas lang sa mundo. Sa puntong ito, napipilitan siyang pag-isipan kung ano ang nagawa niya sa buhay, ano ang kabuluhan ng pagiging buhay, ano ang kahulugan nito, bakit naparito siya sa mundo. At sa puntong ito ay mas ninanais niyang malaman kung tunay na may kabilang buhay, kung tunay na mayroong Langit, kung talagang mayroong kabayaran…. Habang mas papalapit ang isang tao sa kamatayan, mas ninanais niyang maunawaan kung tungkol talaga saan ang buhay; habang mas papalapit siya sa kamatayan, tila nagiging mas hungkag ang puso niya; habang mas papalapit siya sa kamatayan, mas nararamdaman niya ang kawalang-kakayahan; kaya lumalaki ang takot niya sa kamatayan sa bawat araw. May dalawang dahilan kung bakit ipinamamalas ng mga tao ang ganitong mga pakiramdam habang papalapit sila sa kamatayan: Una, malapit nang mawala sa kanila ang katanyagan at kayamanan kung saan nila isinalig ang kanilang buhay, at iiwan na nila ang lahat na nakikita sa mundo; at ikalawa, kakaharapin na nila, nang mag-isa, ang isang hindi pamilyar na mundo, isang misteryoso at di-kilalang mundo na natatakot silang puntahan, kung saan ay wala silang mga mahal sa buhay at walang susuporta. Dahil sa dalawang dahilang ito, lahat ng humaharap sa kamatayan ay di-mapalagay, nagugulumihanan, at nakakaranas ng kawalang-kakayahan na hindi nila kailanman naranasan. Kapag ang mga tao ay talagang nakarating na sa puntong ito ay saka pa lamang nila matatanto na ang unang bagay na dapat maunawaan ng isang tao, kapag umapak sila sa mundong ito, ay kung saan nanggaling ang mga tao, bakit buhay ang mga tao, sino ang nagdidikta ng kapalaran ng tao, sino ang nagbibigay at may kataas-taasang kapangyarihan sa pag-iral ng tao. Sa kaalamang ito tunay na nabubuhay ang isang tao, ang pangunahing batayan para patuloy na mabuhay ang tao—hindi ang pagkakatuto kung paano suportahan ang sariling pamilya, o kung paano makakamtan ang katanyagan at kayamanan, hindi ang matutuhan kung paano mamumukod-tangi sa karamihan ng tao o kung paano magkaroon ng isang mas

marangyang pamumuhay, mas lalong hindi upang matutuhan kung paano mangibabaw o matagumpay na makipagpaligsahan sa iba. Bagaman ang pinaggugugulan ng mga tao ng kanilang buhay na pagiging mahusay sa iba't ibang kasanayan para maipagpatuloy ang buhay ay maaaring makapaghandog ng kasaganaan sa mga materyal na kaginhawahan, ang mga ito ay di-kailanman nakapagdadala sa puso ng isang tao ng tunay na kapayapaan at kasiyahan, sa halip ay patuloy na nagiging dahilan ang mga ito para mawala ng mga tao ang kanilang direksyon, mahirapang kontrolin ang kanilang mga sarili, mapalampas ang bawat pagkakataon na matutuhan ang kabuluhan ng buhay; ang mga kasanayan na ito na para sa patuloy na pamumuhay ay lumilikha ng pagkaligalig kung paano angkop na haharapin ang kamatayan. Sa ganitong paraan, nasisira ang mga buhay ng mga tao. Tinatrato ng Lumikha ang lahat nang patas, binibigyan ang bawat isa ng panghabambuhay na mga pagkakataon na maranasan at makilala ang Kanyang kataas-taasang kapangyarihan, subalit tanging kapag papalapit na ang kamatayan, kapag nakaamba na sa isang tao ang kawit ni kamatayan, ay saka pa lamang makikita ng tao ang liwanag—at kapag nagkagayon ay huling-huli na ang lahat.

Ginugugol ng mga tao ang kanilang mga buhay sa paghahanap ng salapi at katanyagan; mahigpit silang kumakapit sa mga dayaming ito, iniisip na ang mga ito ang tanging paraan nila ng suporta, na para bang kung mayroon sila nito ay maaari silang patuloy na mabuhay, na maaari silang malibre sa kamatayan. Subalit kung malapit na silang mamatay doon lamang nila natatanto kung gaano kalayo ang mga bagay na ito sa kanila, kung gaano sila kahina sa harap ng kamatayan, kung gaano sila kadaling mabasag, kung gaano sila kalungkot at tila walang-kakayahan, at walang matatakbuhan. Natatanto nila na ang buhay ay hindi nabibili ng salapi at katanyagan, na gaano man kayaman ang isang tao, gaano man kataas ang kanyang posisyon, lahat ng tao ay pantay-pantay na mahihirap at walang halaga sa harap ng kamatayan. Natatanto nila na hindi nabibili ng pera ang buhay, na di mabubura ng katanyagan ang kamatayan, na alinman sa pera o katanyagan ay di-makakapagpahaba ng buhay ng isang

tao nang kahit na isang minuto o kahit na isang segundo. Habang mas maraming tao ang ganito ang nararamdaman, lalo nilang ninanais na patuloy na mabuhay; habang mas nararamdaman ito ng mga tao, mas kinatatakutan nila ang pagsapit ng kamatayan. Tanging sa punto lang na ito nila tunay na napagtatanto na ang kanilang mga buhay ay hindi sa kanila, hindi sa kanila para kontrolin, at walang sinuman ang makapagsasabi kung siya ay mabubuhay o mamamatay—ang lahat ng ito ay wala sa kanyang kontrol.

Hinango mula sa “Ang Diyos Mismo, ang Natatangi III” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Magpasakop sa Kapamahalaan ng Lumikha at Mahinahon na Harapin ang Kamatayan

Sa sandaling ipanganak ang isang tao, sinisimulan ng isang malungkot na kaluluwa na danasin ang buhay sa mundo, na danasin ang awtoridad ng Lumikha na isinaayos ng Lumikha para sa kanya. Hindi man kailangang sabihin, para sa tao—sa kaluluwa—ito ay isang napakagandang pagkakataon upang magkaroon ng kaalaman tungkol sa kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha, na makilala ang Kanyang awtoridad at personal na maranasan ito. Nabubuhay ang mga tao sa ilalim ng mga batas ng kapalaran na inilatag para sa kanila ng Lumikha, at para sa sinumang makatwirang tao na may konsensya, ang pagtanggap sa kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha at malaman ang Kanyang awtoridad sa loob ng ilang dekada ng kanilang buhay ay isang bagay na hindi mahirap gawin. Kaya napakadali dapat para sa isang tao na makilala, sa pamamagitan ng kanyang sariling mga karanasan sa buhay sa nakaraang ilang dekada, na ang lahat ng kapalaran ng tao ay itinadhana, at madali na dapat niyang maunawaan o ibuod kung ano ang kahulugan ng maging buhay. Kasabay ng pagyakap ng isang tao sa mga aral na ito sa buhay, unti-unti niyang mauunawaan kung saan nanggagaling ang buhay at maiintindihan kung ano ang tunay na kinakailangan ng puso, kung ano ang makapagdadala sa kanya sa tunay na landas ng buhay, at kung ano dapat

ang misyon at layunin sa buhay ng tao. Unti-unting makikilala ng tao na kung hindi niya sasambahin ang Lumikha, kung hindi siya pasasailalim sa Kanyang kapamahalaan, kung gayon kapag dumating na ang panahon na haharapin na niya ang kamatayan—kapag ang isang kaluluwa ay haharap nang muli sa Lumikha—mapupuno ang kanyang puso ng walang hanggang takot at pagkabalisa. Kapag ilang dekada nang nabubuhay ang isang tao sa mundo subalit hindi pa rin niya alam kung saan nanggaling ang buhay ng tao at hindi pa rin niya nakikilala kung kaninong palad nakalagay ang kapalaran ng tao, kung gayon ay hindi nakapagtataka na hindi niya makakayang harapin ang kamatayan nang mahinahon. Ang isang tao na nakatamo ng kaalaman sa kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha matapos makaranas ng ilang dekada ng buhay, ay isang tao na may tamang pagpapahalaga sa kahulugan at halaga ng buhay. Ang taong ito ay may malalim na kaalaman sa layunin ng buhay, may tunay na karanasan at pagkaunawa sa kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha, at higit pa riyan ay may kakayahan na magpasailalim sa awtoridad ng Lumikha. Nauunawaan ng ganoong tao ang kahulugan ng paglikha ng Diyos sa sangkatauhan, nauunawaan niya na dapat sambahin ng tao ang Lumikha, na ang lahat ng pag-aari ng tao ay nagmumula sa Lumikha at babalik sa Kanya balang-araw sa hindi malayong hinaharap. Nauunawaan ng ganoong tao na ang Lumikha ang nagsasaayos ng kapanganakan ng tao at may kataas-taasang kapangyarihan sa kamatayan ng tao, at ang kapwa buhay at kamatayan ay itinadhana ng awtoridad ng Lumikha. Kaya, kapag tunay na naiintindihan ng isang tao ang mga bagay na ito, siya ay natural na makakaharap sa kamatayan nang mahinahon, isinasantabi ang lahat ng makasanlibutang pag-aari niya nang mahinahon, tinatanggap at masayang nagpapasailalim sa lahat ng kasunod, at malugod na tinatanggap ang huling sugpungan ng buhay na isinaayos ng Lumikha sa halip na katakutan at labanan ito nang walang sapat na kaalaman. Kung tinitingnan ng isang tao ang buhay bilang isang pagkakataon para maranasan ang kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha at makilala ang Kanyang awtoridad, kung nakikita niya na ang kanyang buhay ay isang

pambihirang pagkakataon upang gampanan ang sariling tungkulin bilang isang nilikhang tao at tuparin ang kanyang misyon, kung gayon ay talagang magkakaroon siya ng wastong pananaw sa buhay, tiyak na magkakaroon ng buhay na pinagpapala at ginagabayan ng Lumikha, siguradong lalakad sa liwanag ng Lumikha, tiyak na makikilala ang kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha, talagang magpapasailalim sa Kanyang kapamahalaan, siguradong magiging isang saksi sa Kanyang mahimalang mga gawain at sa Kanyang awtoridad. Hindi man kailangang sabihin, ang ganoong tao ay talagang minamahal at tinatanggap ng Lumikha, at tanging ang ganoong tao ang maaaring magkaroon ng mahinahong saloobin sa kamatayan at magagalak na salubungin ang huling sugpungan ng buhay. Ang isang tao na malinaw na nagkaroon ng ganitong uri ng saloobin ukol sa kamatayan ay si Job. Nasa posisyon noon si Job na masayang tanggapin ang huling sugpungan ng buhay, at nang ang kanyang paglalakbay sa buhay ay humantong na sa isang maayos na katapusan at nang makumpleto na ang kanyang misyon sa buhay, bumalik siya sa tabi ng Lumikha.

Hinango mula sa “Ang Diyos Mismo, ang Natatangi III” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang mga Pagsusumikap at mga Natamo ni Job sa Buhay ang Nagpahintulot sa Kanya na Mahinahong Harapin ang Kamatayan

Sa Biblia nasusulat ang tungkol kay Job: “Gayon namatay si Job, na matanda at puspos ng mga kaarawan” (Job 42:17). Ito’y nangangahulugan na nang namatay si Job, wala siyang mga panghihinayang at hindi siya nakaramdam ng sakit, bagkus ay natural siyang lumisan sa mundong ito. Gaya ng nababatid ng lahat, si Job ay isang tao na may takot sa Diyos at iniwasan ang kasamaan noong siya’y nabubuhay pa. Ang kanyang mga gawain ay pinapurihan ng Diyos at inalala ng mga tao, at ang kanyang buhay ay maaaring sabihin na nagkaroon ng halaga at kabuluhan na higit kaysa kaninuman. Tinamasa ni Job ang mga pagpapala ng Diyos at tinawag Niya siyang matuwid sa lupa, at siya’y sinubukan din ng Diyos, at

tinukso ni Satanas. Naging saksi siya ng Diyos at naging marapat na matawag Niya na isang matuwid na tao. Ilang dekada matapos siyang subukan ng Diyos, nagkaroon siya ng buhay na higit na mahalaga, makahulugan, makatwiran, at mapayapa kaysa dati. Dahil sa kanyang matuwid na mga gawain, sinubukan siya ng Diyos, dahil din sa kanyang matuwid na mga gawain, nagpakita sa kanya ang Diyos at direktang nakipag-usap sa kanya. Kaya sa mga taon matapos siyang masubukan, naunawaan at pinahalagahan ni Job ang halaga ng buhay sa isang mas konkretong paraan, nagkamit ng mas malalim na pagkaunawa sa kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha, at nagtamo ng mas tumpak at tiyak na kaalaman kung paano nagbibigay at nag-aalis ng Kanyang mga pagpapala ang Lumikha. Itinatala ng Aklat ni Job na nagkaloob ang Diyos na si Jehova ng mas maraming mga pagpapala kay Job kaysa sa ibinigay Niya sa kanya noon na naglagay kay Job sa mas mainam pang posisyon upang kilalanin ang kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha at harapin ang kamatayan nang mahinahon. Kaya nang tumanda na at naharap na si Job sa kamatayan ay tiyak na hindi siya nangamba tungkol sa kanyang mga ari-arian. Wala siyang mga alalahanin, walang pinanghihinayangan, at siyempre hindi siya natakot sa kamatayan, sapagkat ginugol niya ang buong buhay niya na may takot sa Diyos at umiiwas sa kasamaan. Wala siyang dahilan upang mag-alala tungkol sa sarili niyang katapusan. Ilan bang tao ngayon ang makakayang kumilos tulad ng lahat ng ginawa ni Job nang kanyang harapin ang sarili niyang kamatayan? Bakit walang sinuman ang nakakapagpanatili ng ganoong kasimpleng panlabas na tikas? Isa lang ang dahilan: Nabuhay si Job sa pansariling pagsusumikap sa paniniwala, pagkilala, at pagpapasakop sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, at dahil sa paniniwala, pagkilala, at pagpapasakop na ito, nakalampas siya sa mahahalagang sugpungan ng buhay, isinabuhay ang kanyang mga huling taon, at binati ang panghuling sugpungan ng kanyang buhay. Anuman ang naranasan ni Job, ang mga pinagsikapan at layunin niya sa buhay ay masasaya at hindi masasakit. Siya ay maligaya hindi dahil sa mga pagpapala o papuri na iginawad sa kanya ng Lumikha, kundi mas

mahalaga pa rito, dahil sa kanyang mga pinagsikapan at layunin sa buhay, dahil sa lumalagong kaalaman at tunay na pagkaunawa sa kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha na kanyang natamo sa pamamagitan ng pagkatakot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan, at dagdag pa rito, dahil sa nakamamanghang mga gawain Niya na personal na naranasan ni Job sa panahon na napailalim siya sa dakilang kapangyarihan ng Lumikha, at sa magiliw at di-malilimutang mga karanasan at mga alaala ng pakikipamuhay, pakikipagkilala, at kapwa pagkakaunawaan sa pagitan ng tao at ng Diyos. Si Job ay masaya dahil sa kapanatagan at kagalakan na nagmula sa kaalaman tungkol sa kalooban ng Lumikha, at dahil sa pagpipitagang lumitaw matapos makita na Siya ay dakila, kamangha-mangha, kaibig-ibig, at matapat. Ang dahilan kung bakit nakayang harapin ni Job ang kamatayan nang walang paghihirap ay dahil batid niya na sa kanyang pagkamatay, siya'y babalik sa tabi ng Lumikha. Ang mga pinagsikapan at natamo niya sa buhay ang nagpahintulot sa kanya na harapin ang kamatayan nang mahinahon, ang nagpahintulot sa kanya na harapin ang posibilidad na mahinahong babawiin ng Lumikha ang kanyang buhay, at dagdag pa rito, ang nagpahintulot sa kanya na makatindig nang walang dungis at walang inaalala sa harap ng Lumikha. Maaari kayang matamo ng mga tao sa kasalakuyan ang ganitong uri ng kaligayahan na naangkin ni Job? Kayo ba ay nasa posisyon na gawin ito? Yamang nasa ganitong posisyon ang mga tao sa kasalukuyan, bakit hindi nila nagagawang mamuhay nang maligaya tulad ni Job? Bakit hindi nila matakasan ang paghihirap mula sa takot sa kamatayan? Kapag nahaharap sa kamatayan, may ilang tao na hindi mapigilang mapaihi; ang iba'y nanginginig, nahihimatay, nagagalit sa Langit at pati na sa tao; ang ilan ay nananaghoy pa nga at tumatangis. Ang mga ito'y hindi biglaang mga reaksiyon na nangyayari kapag papalapit na ang kamatayan. Ang pangunahing sanhi kaya kumikilos ang mga tao sa ganitong nakakahiyang mga paraan ay sapagkat sa kaibuturan ng kanilang mga puso, takot sila sa kamatayan, sapagkat wala silang malinaw na kaalaman at pagpapahalaga sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos at sa Kanyang mga

pagsasaayos, at lalong hindi sila tunay na nagpapasakop sa mga iyon. Ang mga tao ay tumutugon sa ganitong paraan sapagkat wala silang ibang gusto kundi ang isaayos at pamahalaan nila mismo ang lahat ng bagay, ang kontrolin ang sarili nilang kapalaran, ang sarili nilang mga buhay at kamatayan. Hindi kataka-taka, samakatwid, na kailanman'y hindi magawang takasan ng mga tao ang takot sa kamatayan.

Hinango mula sa "Ang Diyos Mismo, ang Natatangi III" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Tanging sa Pagtanggap sa Dakilang Kapangyarihan ng Lumikha Maaaring Makabalik ang Isang Tao sa Kanyang Tabi

Kapag ang isang tao ay walang malinaw na pagkaunawa at karanasan sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos at sa Kanyang mga pagsasaayos, tiyak na magiging magulo ang kaalaman niya tungkol sa kapalaran at sa kamatayan. Hindi makita ng mga tao nang malinaw na ang lahat ng bagay ay nasa palad ng Diyos, hindi nila natatanto na ang lahat ng bagay ay nasa ilalim ng kontrol at kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, hindi nila kinikilala na hindi maaaring isantabi o matakasan ang ganoong kataas-taasang kapangyarihan. Dahil dito, kapag nahaharap na sila sa kamatayan, walang katapusan ang kanilang huling mga salita, alalahanin, at panghihinayang. Nabibigatan sila sa labis na mga pasanin, sobrang pag-aatubili, at lubhang pagkalito. Nagiging dahilan ang lahat ng ito para matakot sila sa kamatayan. Para sa sinumang isinilang sa mundong ito, ang kanilang kapanganakan ay kinakailangan at ang kanilang kamatayan ay hindi maiiwasan; walang sinumang makakalampas sa landas na ito. Kung nais ninuman na lisanin ang mundong ito nang hindi nasasaktan, kung nais ng isang tao na harapin ang huling sugpungan ng buhay na walang pag-aatubili o pag-aalala, ang tanging paraan ay ang lumisan nang walang mga panghihinayang. At ang tanging paraan ng paglisan na walang mga panghihinayang ay ang makilala ang kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha, ang makilala ang Kanyang awtoridad, at ang magpasakop sa mga ito. Tanging sa ganitong paraan maaaring manatiling malayo mula sa

mga alitan ng tao, mula sa kasamaan, mula sa pang-aalipin ni Satanas, at tanging sa ganitong paraan maaaring mabuhay ang isang tao na tulad ni Job, na ginagabayan at pinagpapala ng Lumikha, isang buhay na malaya at hindi nakagapos, isang buhay na may kahalagahan at kahulugan, isang buhay na tapat at bukas-puso. Tanging sa ganitong paraan maaaring magpasakop ang isang tao, tulad ni Job, sa mga pagsubok at pagkakait ng Lumikha at sa mga pagsasaayos at paghahanda ng Lumikha. Tanging sa ganitong paraan maaaring sambahin ng isang tao ang Lumikha nang buong buhay niya at makamit ang Kanyang papuri, gaya ng nangyari kay Job, at marinig ang Kanyang tinig at makita Siya. Tanging sa ganitong paraan maaaring mabuhay at mamatay ang isang tao nang maligaya, tulad ni Job, na walang sakit, walang inaalala, walang mga panghihinayang. Tanging sa ganitong paraan maaaring mabuhay sa liwanag, tulad ni Job, at daanan ang bawat sugpungan ng buhay sa liwanag, maayos na kinukumpleto ang sariling paglalakbay sa liwanag, at matagumpay na tinatapos ang sariling misyon—upang maranasan, matutuhan, at malaman ang kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha bilang isang nilalang—at mamatay sa liwanag, at magpakailanma'y tumindig sa tabi ng Lumikha bilang isang taong nilalang, na pinupuri Niya.

Hinango mula sa "Ang Diyos Mismo, ang Natatangi III" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Huwag nating pag-usapan ang pangwakas na katapusan ng mga martir na iyon, o ang pagpapakahulugan ng Diyos sa kanilang gawi, bagkus ay itanong ito: Nang sumapit sila sa kawakasan, umayon ba sa mga kuro-kuro ng tao ang paraan ng pagsapit nila sa kawakasan ng kanilang mga buhay? Mula sa pananaw ng mga kuru-kuro ng tao, kung nagbayad sila ng ganitong uri ng kabayaran upang ipalaganap ang gawain ng Diyos, dapat ay tumanggap sila kahit papaano ng mabuting kamatayan. Ngunit kalunos-lunos na namatay ang mga taong ito bago ang kanilang oras. Hindi ito umaayon sa mga kuru-kuro ng tao, ngunit sadyang ganyan ang ginawa ng Diyos na—tinulutan ng Diyos na maganap ito. Anong

katotohanan ang matatamo sa pagpapahintulot ng Diyos na maganap ito? Ang pagpapahintulot ba ng Diyos na mamatay sila sa ganitong paraan ay sumpa at pagkondena Niya, o ito ba ay Kanyang plano at pagpapala? Kapwa hindi. Ano ito? Pinagninilayan ng mga tao ngayon ang kanilang kamatayan nang may labis na dalamhati, ngunit ganoon ang mga bagay-bagay noon: Namatay sa ganoong paraan ang mga naniwala sa Diyos, at ipinagdadalamhati ito ng mga tao. Paano ito ipaliliwanag? Kapag tinalakay natin ang paksang ito, ilagay ninyo ang inyong mga sarili sa kanilang katayuan; malungkot ba ang inyong mga puso, at may nararamdaman ba kayong nakatagong kirot? Iniisip ninyo, “Tinupad ng mga taong ito ang kanilang tungkuling maipalaganap ang ebanghelyo ng Diyos at dapat ituring na mabubuting tao, kaya’t paano sila umabot sa gayong wakas, sa gayong kahihinatnan?” Ang totoo, ganito namatay ang kanilang mga katawan at sumakabilang-buhay; ito ang paraan nila ng paglisan sa mundo ng tao, ngunit hindi nangangahulugan iyon na magkakatulad ang kanilang kinahinatnan. Ang paraan ng kanilang kamatayan at paglisan, kung ano man ito o kung paano man ito naganap, ay hindi ang paraan ng Diyos ng pagtukoy sa pangwakas na mga kahihinatnan ng mga buhay na iyon, ng mga nilikhang iyon. Ito ay isang bagay na dapat mong malinaw na makita. Sa kabaligtaran, ginamit nila mismo ang mga kaparaanang iyon upang kondenahin ang mundong ito at upang magpatotoo sa mga gawa ng Diyos. Ginamit ng mga nilikhang ito ang kanilang buhay na pinakamahalaga sa lahat—ginamit nila ang huling sandali ng kanilang buhay upang magpatotoo sa mga gawa ng Diyos, upang magpatotoo sa dakilang kapangyarihan ng Diyos, at upang ipahayag kay Satanas at sa mundo na tama ang mga gawa ng Diyos, na ang Panginoong Jesus ay Diyos, na Siya ang Panginoon, at ang nagkatawang-ta0ng laman ng Diyos; hanggang sa huling sandali ng kanilang buhay, hindi nila kailanman itinatwa ang pangalan ng Panginoong Jesus. Hindi ba ito isang anyo ng paghatol sa mundong ito? Ginamit nila ang kanilang mga buhay upang ipahayag sa mundo, upang tiyakin sa mga tao na ang Panginoong Jesus ay ang Panginoon, na ang Panginoong Jesus ay Cristo, na Siya ang katawang-tao

ng Diyos, na ang gawain ng pagtubos na isinagawa Niya para sa buong sangkatauhan ay nagpapahintulot sa sangkatauhan na patuloy na mabuhay—hindi nagbabago ang katotohanang ito magpakailanman. Hanggang sa anong punto nila tinupad ang kanilang tungkulin? Hanggang sa pinakahuling punto ba? Paano naipakita ang pinakahuling punto? Buhay nila ang kanilang naging kabayaran. Pawang panlabas na mga bagay ang pamilya, kayamanan, at ang materyal na mga bagay sa buhay na ito; buhay ang tanging bagay na nakapaloob sa sarili. Sa bawat nabubuhay na tao, ang buhay ang bagay na pinaka-karapat-dapat na pakaingatan, ang pinakamahalagang bagay at, tulad ng nangyayari, nagawa ng mga taong ito na ialay ang pinakamahalagang pagmamay-ari nila—ang buhay—bilang patunay, kapalit ng pagkilala ng mga makamundong tao sa gawain ng Diyos. Hanggang sa araw na sila ay mamatay, hindi nila itinatwa ang pangalan ng Diyos, at hindi rin nila itinatwa ang gawain ng Diyos, at ginamit nila ang kanilang huling sandali ng buhay upang magpatotoo sa pag-iral ng katotohanang ito—hindi ba ito ang pinakamataas na anyo ng patotoo? Ito ang pinakamahusay na paraan ng pagtupad ng isang pagtupad ng isang tao sa kanyang pananagutan. Nang pagbantaan at takutin sila ni Satanas, at, sa huli, kahit pa nang ipabayad sa kanila ang kanilang mga buhay, hindi nila tinakasan ang kanilang pananagutan. Ito ang kahulugan ng pagtupad ng isang tao sa tungkulin hanggang sa pinakasukdulang punto. Ano ang ibig Kong sabihin dito? Ibig Ko bang sabihin na gamitin ninyo ang ganoon ding paraan upang magpatotoo sa Diyos at upang maipalaganap ang ebanghelyo? Sadyang hindi kinakailangang gawin mo ang ganoon, ngunit dapat mong maunawaan na ito ay iyong pananagutan, na kung kinakailangan ng Diyos na gawin mo ito, dapat mo itong tanggapin bilang isang obligasyong moral. May takot at pag-aalala sa kalooban ang mga tao ngayon, ngunit anong silbi ng mga damdaming iyon? Kung hindi kailangan ng Diyos na gawin mo ito, para saan ang pag-aalala tungkol dito? Kung kailangan ng Diyos na gawin mo ito, hindi ka dapat umiwas o tumanggi sa pananagutang ito. Dapat kang maagap na makipagtulungan at tanggapin ito nang walang pag-aalala. Paano man mamatay ang isang tao, hindi siya

dapat mamatay sa harap ni Satanas, at hindi mamatay sa mga kamay nito. Kung mamamatay ang isang tao, dapat siyang mamatay sa mga kamay ng Diyos. Nagmula sa Diyos ang mga tao, at sa Diyos sila magbabalik—gayon ang pakiramdam at saloobing dapat taglayin ng isang nilikha. Ito ang panghuling katotohanang dapat unawain ng isang tao sa pagtupad sa kanyang tungkulin ng pagpapalaganap sa ebanghelyo—buhay ang magiging kabayaran ng sinuman upang maipalaganap at magpatotoo sa ebanghelyo ng Diyos na nagkatawang-tao na tumutupad sa Kanyang gawain at nagliligtas sa sangkatauhan. Kung may ganito kang paghahangad, kung makakamit mo ito, kahanga-hanga iyon. Kung hindi ka pa rin nagtataglay ng ganitong uri ng paghahangad, kahit paano ay dapat mong maayos na tuparin ang pananagutan at tungkuling nasa harapan mo, na ibinibigay sa Diyos ang natitira. Sa gayon marahil, habang lumilipas ang mga buwan at mga taon at dumarami ang iyong karanasan at nagkaka-edad, at lumalalim ang iyong pagkaunawa sa katotohanan, matatanto mo na mayroon kang obligasyon at pananagutang ialay ang iyong buhay sa gawain ng ebanghelyo ng Diyos, maging hanggang sa dulo ng iyong buhay.

Hinango mula sa “Ang Pagpapalaganap sa Ebanghelyo ay Tungkuling Dapat Tuparin ng Lahat ng Mananampalataya” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Bilang bahagi ng sangnilikha, anong basehan ng iyong mga pag-uutos sa Diyos? Hindi kwalipikado ang tao na mag-utos sa Diyos. Ang utusan ang Diyos ay ang pinakawalang-katuwirang bagay sa lahat. Gagawin ng Diyos ang anumang Kanyang ninanais, at may karapatan ang Diyos na huwag gawin ito sa ganitong paraan. May karapatan Siyang tanganan ang mga bagay na ito sa Kanyang sarili. Ang sarili Niyang disposisyon ay matuwid. Ang pagkamatuwid sa anumang paraan ay walang-kinikilingan at makatwiran, hinahati ang isa sa dalawa, ginagantimpalaan ka ayon sa dami ng gawain na iyong ginagawa o binabayaran ka para sa kumg gaano karami ng gawain na iyong natapos. Hindi ito ang pagkamatuwid ng Diyos. Naniniwala ka na ginagawa ng bawa’t isang tao ang kanyang bahagi, na

ang pamamahagi ay naaayon sa natapos na gawain, at ang bawa't isang tao ay tumatanggap ng nararapat sa kanya ayon sa kanyang inilalagak; wala nang iba maliban dito ang pagkamatuwid. Halimbawa ay inalis ng Diyos si Job pagkatapos na sumaksi ni Job para sa Kanya. Matuwid rin dito ang Diyos. Bakit sinasabi na Siya ay matuwid? Ang pagsasabi na matuwid ang Diyos sa paggawa nito, bakit sinasabi ang gayong bagay? Ang pagkamatuwid ay gayong bagay na kung ang isang bagay ay tutugma sa mga pagkaintindi ng mga tao, sasabihin ng mga tao na matuwid ang Diyos, na malayong mas madali, nguni't kung hindi nakikita ng mga tao na tumutugma ito sa kanilang mga pagkaintindi, kung ito ay isang bagay na hindi maintindihan ng mga tao, kakailanganin ng mga tao ang matinding pagsisikap para maipaliwanag iyan bilang pagkamatuwid. Kung inalis Niya si Job nang panahong iyon, hindi sasabihin ng mga tao na matuwid ang Diyos. Kahit na may mga tao na nagsabing matuwid Siya, sasabihin nila ito nang napipilitan: "Ang Diyos si Jehovah ay maayos naman…." Sa totoo lang kung aalisin ng Diyos ang mga tao, tiwali man sila o hindi, dapat bang ipaliwanag ng Diyos ang mga dahilan ng pag-aalis sa mga tao? Kailangan bang ipaliwanag Niya sa mga tao ang Kanyang basehan sa pag-aalis sa kanila? Hindi na kailangan, tama? Kailangan bang ibatay ito sa pagpreserba ng mga taong magagamit, at pag-aalis sa isang taong hindi magagamit? Hindi kailangan. Sa mata ng Diyos ang isang taong tiwali ay maaari Niyang pakitunguhan ayon sa Kanyang ikinasisiya. Paano man ito gawin ay naaangkop; lahat ay nasa Kanyang plano. Kung hindi kasiya-siya sa Kanyang paningin, wala ka nang silbi pagkatapos mong maging saksi at inalis ka, matuwid ba ito? Ito ay pagkamatuwid. Kahit na sa katotohanan ay hindi ito madaling maunawaan, kailangang magkaroon ka ng pagkaunawa bilang prinsipyo. Sabihin mo sa akin, matuwid ba ang pagwasak ng Diyos kay Satanas? Kung iniligtas Niya si Satanas? Marahil ay hindi ka maglalakas-loob na sabihin? Paano ito naging matuwid? Ang esensya ng Diyos ay pagkamatuwid. Kahit hindi madaling maunawaan kung ano ang ginagawa ng Diyos, lahat ng ginagawa Niya ay matuwid. Ito ay simple lamang na hindi nauunawaan ng mga tao, walang pagkakamali tungkol

diyan. Nakikita mo na nang ibigay ng Diyos si Pedro kay Satanas, kung paano tumugon si Pedro: “Hindi kayang pasukin ng tao ang Iyong ginagawa, nguni’t sa lahat ng ginagawa Mo ay naroroon ang iyong mabuting kalooban. Sa lahat ng iyon ay naroroon ang pagkamatuwid. Paano akong hindi bibigkas ng papuri para sa Iyong mabubuting gawa?” Ngayon dapat mong pansinin na hindi agad inaalis ng Diyos si Satanas, upang makita ng tao kung paano ginawang tiwali ni Satanas ang mga tao, at kung paano iniligtas ng Diyos ang mga tao. Pagkatapos lamang na makita ng mga tao ang lawak ng pagiging-tiwali ng tao na ginawa ni Satanas, kung paanong ang listahan ng mga krimen ni Satanas ay nakararating sa mga kalangitan doon lamang sukdulang aalisin ng Diyos si Satanas, upang makita ng mga tao na naririto ang pagkamatuwid ng Diyos at ang Kanyang disposisyon. Lahat ng ginagawa ng Diyos ay matuwid. Kahit hindi mo ito matuklasan, hindi ka dapat humatol ayon sa iyong ikinasisiya. Kung sa tingin mo ay hindi ito makatwiran, o kung may pagkaintindi ka tungkol dito, at pagkatapos ay sinasabi mong ang Diyos ay hindi matuwid, ito ang pinaka-hindi-makatwiran. Ngayon-ngayon lang ay nagbigay ako ng ilang negatibong mga halimbawa upang inyong pag-ibahin, at hindi kayo naglalakas-loob magsalita. Nakikita mo na may ilang mga bagay na hindi maabot ng isipan ni Pedro, gayunma’y nakatitiyak siya na ang karunungan ng Diyos ay naririto, na ang mabuting kalooban ng Diyos ay nasa lahat ng ito. Hindi kayang liripin ng tao ang lahat ng bagay. Napakaraming mga bagay ang hindi-malirip. Talagang hindi madaling bagay ang pag-alam sa disposisyon ng Diyos.

Hinango mula sa “Paano Mauunawaan ang Matuwid na Disposisyon ng Diyos” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

145. Ang mga Prinsipyo Kung Paano Pakikitunguhan ang Pag-ibig at Pagpapakasal

(1) May kalayaan ang mga taong pakasalan ang sinumang piliin nila, at walang sinuman ang may karapatang makialam—ngunit hindi ito dapat magkaroon ng mga epekto sa iyong pananampalataya sa Diyos o sa

pagganap mo ng iyong tungkulin;

(2) Isang natatanging patotoo na naaayon sa kalooban ng Diyos ang pagtalikod sa kasal para sa pagtataguyod sa katotohanan at maayos na pagganap sa tungkulin ng isang tao. Lubhang matalino ang mga taong gumagawa nito at nakatutugon sa Kanyang pagsang-ayon;

(3) Dapat na pumili ng wastong tao ang isang tao kung gusto niyang magpakasal. Dapat na para sa ikabubuti man lang ng pananampalataya at buhay ng tao ang pakikipag-isang dibdib, at hindi nilalayong bigyang-kaluguran ang laman sa kapinsalaan ng kapita-pitagang gawain ng pananampalataya sa Diyos.

(4) Igalang ang wastong pag-ibig at pagpapakasal. Paglabag sa katotohanan at moralidad ang pag-aasawa ng marami, at mga masasamang espiritu at mahahalay na demonyo ang mga taong laro ang tingin sa pagpapakasal.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang pag-aasawa ay isang mahalagang sugpungan sa buhay ng isang tao. Bunga ito ng kapalaran ng isang tao at isang mahalagang kawing sa kapalaran niya; hindi ito itinatatag sa pagkukusa o mga kagustuhan ng sinumang tao, at hindi naiimpluwensiyahan ng anumang panlabas na mga kadahilanan, ngunit ganap na tinutukoy ng mga kapalaran ng dalawang panig, sa pamamagitan ng mga pagsasaayos at pagtatadhana ng Lumikha sa mga kapalaran ng magkapareha. Tila ba ang layunin ng pag-aasawa ay ang ipagpatuloy ang sangkatauhan, ngunit ang totoo, ang pag-aasawa ay walang iba kundi isang ritwal na pinagdadaanan ng isang tao sa proseso ng pagtupad sa sarili niyang misyon. Ang mga papel na ginagampanan ng mga tao sa pag-aasawa ay hindi lamang sa pag-aaruga sa susunod na henerasyon; inaako nila ang iba’t ibang papel na may kinalaman sa pagpapanatili ng kasal at sa mga misyon na dapat kumpletuhin sa pamamagitan ng mga papel na iyon. Yamang nakakaimpluwensiya ang sariling kapanganakan sa mga pagbabagong pinagdadaanan ng mga tao, pangyayari, at bagay sa paligid nito, ang pag-aasawa ng isang tao ay hindi rin maiiwasang makaapekto sa mga tao, pangyayari, at bagay, at higit pa

riyan, babaguhin silang lahat nito sa iba't ibang paraan.

Kapag nagsimulang magsarili ang isang tao, sinisimulan niya ang kanyang sariling paglalakbay sa buhay, na umaakay sa kanya sa bawat hakbang patungo sa mga tao, pangyayari, at bagay na kaugnay ng kanyang pag-aasawa. Kasabay nito, ang kaparehang bubuo sa pag-aasawang ito ay papalapit, sa bawat hakbang, tungo sa parehong mga tao, pangyayari at bagay. Sa ilalim ng kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha, ang dalawang di-magkaanu-ano na nagsasalo sa magkaugnay na kalaparan ay unti-unting pumapasok sa pag-aasawa at himalang nagiging isang pamilya: "dalawang balang na kumakapit sa parehong tali." Kaya kapag pumasok ang isang tao sa pag-aasawa, ang paglalakbay niya sa buhay ay makakaimpluwensya at makakaantig sa kanyang kabiyak, at makakaimpluwensiya at makakaantig din ang paglalakbay sa buhay ng kapareha niya sa kanyang kapalaran sa buhay. Sa madaling salita, magkakaugnay ang kapalaran ng mga tao, at walang sinuman ang makakatupad ng misyon ng isang tao sa buhay o makakaganap sa kanyang papel nang walang kaugnayan sa iba. Malaki ang epekto ng kapanganakan ng isang tao sa maraming ugnayan; sangkot din sa paglago ang isang masalimuot na tanikala ng mga ugnayan; at gayon din, ang pag-aasawa ay di-mapipigilang umiral at napapanatili sa isang malawak at masalimuot na mga koneksyon ng tao, sinasangkot ang bawat taong nasa mga ugnayang ito at nakakaimpluwensiya sa kapalaran ng bawat isang bahagi nito. Ang pag-aasawa ay hindi bunga ng mga pamilya ng kapwa miyembro, ng mga kalagayan na kinalakhan nila, ng kanilang mga hitsura, ng kanilang mga edad, ng kanilang mga katangian, ng kanilang mga talento, o ng anumang iba pang mga kadahilanan; sa halip, ito ay nagmumula sa isang pinagsasaluhang misyon at isang magkaugnay na kapalaran. Ito ang pinagmumulan ng pag-aasawa, isang bunga ng kapalaran ng tao na isinaayos at inihanda ng Lumikha.

Hinango mula sa "Ang Diyos Mismo, ang Natatangi III" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang pag-aasawa ay isang napakahalagang pangyayari sa buhay ninuman; ito ay panahon na nagsisimulang tunay na akuin ng isang tao ang iba't ibang uri ng mga responsibilidad, unti-unting nagsisimula na ganapin ang iba't ibang uri ng misyon. Maraming ilusyon ang mga tao tungkol sa pag-aasawa bago nila ito maranasan, at lahat ng ilusyong ito ay talagang magaganda. Inaakala ng mga kababaihan na ang kanilang kabiyak ay magiging si Prince Charming, at inaakala ng mga kalalakihan na sila'y magpapakasal kay Snow White. Ipinapakita ng mga pantasyang ito na ang bawat tao ay may partikular na mga kinakailangan para sa pag-aasawa, mga sarili nilang hinihingi at pamantayan. Bagaman sa masamang kapanahunang ito, palagiang binobomba ang mga tao ng baluktot na mga mensahe tungkol sa pag-aasawa, na lumilikha ng mas marami pang karagdagang kinakailangan at nagbibigay sa mga tao ng lahat ng uri ng pasanin at kakaibang mga saloobin, alam ng sinumang nakaranas na ng pag-aasawa na anuman ang pagkakaunawa ng isang tao rito, anuman ang saloobin niya tungkol dito, ang pag-aasawa ay hindi isang bagay na pinipili ng isang indibidwal.

Maraming tao ang nakakatagpo ng isang tao sa kanyang buhay, subalit walang sinuman ang nakakaalam kung sino ang mapapangasawa niya. Bagaman ang lahat ay may kani-kanilang sariling mga palagay at personal na pananaw tungkol sa paksa ng pag-aasawa, walang sinuman ang maaaring makahula kung sino sa bandang huli ang magiging kanilang tunay na kabiyak, at ang mga ideya ng isang tao ay hindi masyadong mahalaga. Matapos makatagpo ang isang taong gusto mo, maaari kang magpursige sa taong iyon; subalit interesado man o hindi ang taong iyon sa iyo, maaari mo man siyang maging kapareha o hindi—hindi ikaw ang magpapasya. Hindi nangangahulugan na ang iyong sinisinta ang taong makakabahagi mo sa iyong buhay; samantala, may isa na kailanman'y hindi mo inasahan na maaaring dumating nang tahimik sa iyong buhay at maging iyong kapareha, ang pinakamahalagang elemento sa iyong kapalaran, ang iyong kabiyak, kung kanino nakabigkis nang mahigpit ang iyong kapalaran. Kung kaya, bagaman milyun-milyon ang nag-aasawa sa

mundo, bawat isa ay iba: Napakaraming mag-aasawa ang hindi nasisiyahan, napakarami ang maligaya; napakarami ang saklaw ang Silangan at Kanluran, napakaraming Hilaga at Timog; napakarami ang perpektong mga tambalan, napakarami ang pantay ang katayuan sa lipunan; napakarami ang maligaya at nagkakasundo, napakarami ang nasasaktan at nagdadalamhati; napakarami ang kinaiinggitan ng iba, napakarami ang hindi naiintindihang mabuti at hindi sinasang-ayunan; napakarami ang puno ng kaligayahan, napakarami ang lumuluha at sanhi ng kawalang-pag-asa…. Sa hindi mabibilang na uri ng pag-aasawa, ibinubunyag ng mga tao ang katapatan at panghabambuhay na pangako sa pag-aasawa, inihahayag nila ang pagmamahal, pagkagiliw, at pagkadi-mapaghihiwalay, o pagbitiw at kawalan ng pag-unawa. Ang ilan ay pinagtataksilan ang kanilang kasal, at nakararamdam maging ng pagkamuhi rito. Nagdadala man ang mismong pag-aasawa ng kaligayahan o sakit, ang misyon ng bawat isa sa pag-aasawa ay itinadhana ng Lumikha at hindi magbabago; ang misyong ito ay dapat tuparin ng bawat isa. Ang indibidwal na kapalaran na nasa likod ng bawat pag-aasawa ay hindi nagbabago at matagal nang itinadhana ng Lumikha.

Hinango mula sa “Ang Diyos Mismo, ang Natatangi III” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang mga salitang sinasambit Ko ngayon ay humihingi sa mga tao batay sa kanilang tunay na sitwasyon, at gumagawa Ako alinsunod sa kanilang mga pangangailangan at sa mga bagay na nasa loob nila. Ang praktikal na Diyos ay naparito sa lupa upang gumawa ng praktikal na gawain, upang gumawa ayon sa mga tunay na sitwasyon at pangangailangan ng mga tao. Hindi Siya di-makatwiran. Kapag kumikilos ang Diyos, hindi Niya pinipilit ang mga tao. Halimbawa, mag-asawa ka man o hindi, dapat ay batay iyan sa realidad ng iyong sitwasyon; malinaw nang nasabi sa iyo ang katotohanan, at hindi kita pinipigilan. May mga tao na inaapi ng kanilang mga pamilya kaya hindi nila magawang maniwala sa Diyos maliban kung mag-aasawa sila. Sa ganitong paraan, ang pag-

aasawa, sa kabaligtaran, ay nakakatulong sa kanila. Para sa iba, walang pakinabang ang pag-aasawa, kundi ang kapalit nito ay kung anong mayroon sila dati. Ang sarili mong kaso ay dapat maalaman sa pamamagitan ng iyong aktuwal na sitwasyon at ng iyong sariling pasya. Hindi Ako narito upang mag-imbento ng mga tuntunin at regulasyon na magagamit Ko para humingi sa inyo.

Hinango mula sa “Pagsasagawa (7)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang mga pinakamahalagang usapin sa buhay ay hindi lamang kasal, trabaho, mga inaasam mo sa hinaharap, paglagay sa tahimik at pamumuhay nang mapayapa, at pakikipagtunggali upang makahanap ng dapat mong kalagyan sa lipunan. Hindi ang mga ito ang pinakamahalagang mga bagay. Ano ang pinakamahalagang mga bagay? Naniniwala na kayo ngayon sa Diyos at ginagampanan ang inyong tungkulin, kaya’t patungo sa tamang direksyon ang inyong mga buhay. Ang susunod na mahalagang bagay ay ang makahanap ng matatag na pagkakatayo sa landas ng paghahanap sa katotohanan, ang tiyakin ang layunin at direksyon ng inyong buhay, ang hayaan ang katotohanan na magtatag ng mga pundasyon sa inyong puso—sa ganitong paraan, ikaw ay magiging isang tao na totoong hinirang at itinalaga ng Diyos. Hindi pa matatag ang inyong mga pundasyon ngayon. Huwag alalahanin ang bagyo—kaya kayong yanigin ng hangin sa anumang sandali. Ipinapakita nitong hindi pa kayo nakapagtatatag ng mga pundasyon, at ito ay lubhang ngang mapanganib! Patibayin ang inyong layunin sa buhay at ang direksyong inyong hinahangad, at itaguyod ang landas na inyong tatahakin sa buhay na ito. Sa sandaling napatibay ninyo ang inyong layunin at kung ano ang pinakamahalaga sa inyong buhay, lumagay sa tahimik sa loob ng maraming taon alang-alang sa layunin at mahalagang bagay na iyon. Magsumikap, gugulin ang inyong sarili, magpunyagi, at danasin ang kahihinatnan ng inyong pagkilos para sa kanila. Huwag mag-isip ng anupaman sa ngayon. Kung patuloy mong iisipin ang tungkol sa ibang mga bagay na iyon, maaantala ang kasalukuyang prayoridad. Maiisip mo ang

paghahanap ng trabaho, pagkita ng maraming salapi, pagyaman, pagkakaroon ng matatag na katayuan sa lipunan, at paghahanap ng katayuan para sa iyong sarili; maiisip mo ring mag-asawa, at makakuha ng mga kasanayan at mga kakayahan sa hinaharap, at kung paano maging isang natatanging tao; at gugustuhin mong magtaguyod at bumuo ng isang pamilya at bigyan ng magandang buhay ang iyong mga magulang. Hindi ba nakakapagod ang lahat ng iyon? Gaano ka kabait at mapagmahal? Gaanong lakas mayroon ang isang tao sa isang habambuhay? Ang pinakamasaya at pinakapayak na panahon sa buhay ng isang tao—ang pinakamagandang panahon sa buhay ng isang tao—ay nagsisimula sa dalawampu at nagtatapos, sa pinakamatagal, sa edad na apatnapu. Sa panahong ito, dapat ninyong panghawakan ang mga katotohanan na dapat maunawaan upang maniwala sa Diyos, pagkatapos ay pumasok sa katotohanang realidad, tanggapin ang paghatol at pagkastigo ng Diyos, at tanggapin ang Kanyang mga pagsubok at pagpipino, upang hindi ninyo itatatwa ang Diyos anuman ang mangyari. Ito ang pinakasaligan; maliban dito, sinuman ang magtatangkang tuksuhin o akitin ka ng pag-aasawa o romantikong pag-ibig, gaanong katanyagan o katayuan man ang ibigay nila sa iyo, o kung gaano ka man maaaring makinabang sa kanila, hindi mo susukuan ang iyong mga tungkulin, ni hindi susukuan ang mga bagay na dapat gawin ng isang nilikha. Kung, sa isang punto sa hinaharap, hindi ka nais ng Diyos, magagawa mo pa ring hanapin ang katotohanan at tahakin ang landas ng pagkatakot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan. Dapat mo itong pagsumikapan; kung gagawin mo, ang mga taong ito ng paggugol ng iyong sarili para sa Diyos ay hindi mawawalan ng kabuluhan.

Hinango mula sa Pagbabahagi ng Diyos

Dapat kang magdusa ng kahirapan alang-alang sa katotohanan, dapat mong ibigay ang iyong sarili sa katotohanan, dapat kang magtiis ng kahihiyan para sa katotohanan, at upang higit pang makamit ang katotohanan, dapat kang sumailalim sa higit pang pagdurusa. Ito ang dapat mong gawin. Hindi mo dapat itapon ang katotohanan alang-alang sa isang

mapayapang buhay pamilya, at hindi mo dapat iwala ang dangal at katapatan ng iyong buhay para sa pansamantalang kasiyahan. Dapat mong hangarin ang lahat ng mainam at mabuti, at dapat mong hangarin ang isang landas sa buhay na higit na makahulugan. Kung ang pinangungunahan mo ay isang mahalay na buhay, at walang hinahangad na anumang mga layunin, hindi ba't sinasayang mo ang iyong buhay? Ano ba ang iyong makakamtan mula sa ganitong pamumuhay? Dapat mong talikuran ang lahat ng kasiyahan ng laman alang-alang sa nag-iisang katotohanan, at hindi mo dapat sayangin ang lahat ng katotohanan alang-alang sa isang munting kasiyahan. Ang mga ganitong tao ay walang katapatan o dangal. Walang kabuluhan ang kanilang pag-iral!

Hinango mula sa "Ang mga Karanasan ni Pedro: Ang Kanyang Kaalaman sa Pagkastigo at Paghatol" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

146. Ang mga Prinsipyo Kung Paano Titingnan ang Edukasyon ng mga Anak ng Isang Tao

(1) Tungkulin ng mga magulang na payuhan at gabayan ang kanilang mga anak tungo sa pagkakaroon ng pananampalataya sa Diyos at tungo sa tamang landas ng buhay, ngunit hindi dapat na maantala ang kaunting edukasyon na dapat makuha ng anak;

(2) Dapat na maturuan ang mga anak ayon sa katotohanang salita ng Diyos at magabayan tungo sa pagiging mga tapat na tao na nagtatakwil ng katiwalian at namumuhay na totoong kawangis ng tao;

(3) Dapat na magbahagi lamang sa katotohanan ang isang tao batay sa mga salita ng Diyos tungkol sa mga pagpipilian ng mga anak para sa kanilang hinaharap. Karagdagan pa, dapat na igalang ng isang tao ang mga kagustuhan ng mga anak, at huwag kailanman sila dapat piliting manampalataya sa Diyos;

(4) Huwag basta na lamang gamitin ang katotohanan upang gabayan ang inyong mga anak patungo sa landas ng pananampalataya sa Diyos; dapat ding tiyakin na makakakuha sila ng ilang praktikal na kaalaman. Tanging doon lamang nila magagampanan ang kanilang mga tungkulin at

magugugol ang kanilang mga sarili para sa Diyos.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Hinggil sa pagtrato sa mga bata: Inaasahan ng lahat ng magulang na makakatanggap ang kanilang mga anak ng mas mataas na edukasyon, at, balang araw, ay gagawa ng sarili nilang pangalan at magkakaroon ng tungkuling gagampanan sa lipunan, na may regular na suweldo at impluwensya. Ito lamang ay magbibigay karangalan na sa kanilang mga ninuno. Karaniwan sa lahat ang konseptong ito. “Maging dragon nawa ang aking anak na lalaki, at ibong phoenix ang aking anak na babae,” ayon nga sa kasabihan. Tama ba ang konseptong ito? Nais ng lahat na ang kanilang mga anak ay pumasok sa prestihiyosong unibersidad, na susundan ng post-gradweyt na pag-aaral. Naniniwala silang kapag nakakuha na sila ng kanilang digri, gagawa ang kanilang mga anak ng sarili nilang pangalan, dahil lahat ng mga tao, sa kanilang puso, ay sumasamba sa kaalaman. “Ang halaga ng iba pang mga hangarin ay maliit, ang pag-aaral ng mga aklat ay nakahihigit sa lahat,” ang paniniwala sila. Bukod dito, labis na mapagkumpitensya ang lipunan ngayon. Kapag walang degree, hindi makakakain—ganito mag-isip ang lahat ng tao, at ang pananaw na hawak nila—na parang bang digri lamang ang may kakayahang magpasya sa hinaharap at kabuhayan. Ito ang dahilan kung bakit ang mas mataas na edukasyon at pagkatanggap sa isang instituto ng mas mataas na pag-aaral ay ginagawang unang priyoridad ng bawat tao sa kanilang mga hinihingi sa kanilang mga anak. Sa realidad, ang mga edukasyong iyon na hinahangad ng mga tao, ang kaalamang nakukuha nila, at ang mga saloobin nilang iyon ay pawang salungat sa Diyos at sa katotohanan; sila ay kinamumuhian at isinusumpa Niya. Ano ang pananaw ng tao? Ito ay, kung walang kaalaman at edukasyon, walang binti para tumayo sa lipunang ito at sa mundong ito ang isang tao, at mas mababa siyang uri ng tao, walang halaga. Sa iyong mga mata, sinuman ang kulang sa kaalaman, sinuman ang walang kultura, o higit sa lahat ay hindi nakapag-aral, ay siyang taong minamaliit mo, at hinahamak, at itinuturing na walang halaga. Hindi ba ganito? Ang iyong pananaw at batayan ay parehong hindi tama. Pinalalaki

ninyo ang inyong mga anak upang mag-aral at makakuha ng mas mataas na edukasyon upang magkaroon sila ng magandang kinabukasan, subalit napag-isipan mo ba kung ilan sa mga lason ni Satanas ang maaaring naitanim ng edukasyong ito sa kanila sa oras na sila ay matapos? Ilan sa mga saloobin at teorya nito ang maitatanim sa iyong mga anak? Hindi iniisip ng mga tao ang mga bagay na ito; alam lamang nila na kung dumalo ang kanilang mga anak sa isang institusyon ng mas mataas na kaalaman, magtatagumpay sila at bibigyang karangalan ang kanilang mga ninuno. Bilang bunga, darating ang araw na uuwi ang iyong mga anak, at kakausapin mo sila ng paniniwala sa Diyos, at kasusuklaman nila ito. Kapag kinausap mo sila ng tungkol sa katotohanan, tatawagin ka nilang hangal, at pagtatawanan ka, at titingnan ang iyong mga salita na may paghamak. Pag dumating ang araw na iyon, mararamdaman mong pinili mo ang maling landas sa pagpapadala sa iyong mga anak sa gayong paaralan upang makatanggap ng gayong edukasyon, ngunit, sa panahong iyon, huli na ang lahat para sa pagsisisi. Sa sandaling ang mga saloobin at pananaw na iyon ay pumasok sa isang tao, at nag-ugat at nabuo sa loob nila, hindi na sila maaalis o mababago sa loob ng magdamag. Hindi mo mababaliktad ang ganoong kalagayan, o malulunasan ang mga saloobing iyon na mayroon sila ngayon, at hindi mo maaalis ang mga bagay sa kanilang mga saloobin at pananaw. Walang sinumang nagsasabing, “Ipadadala ko ang aking mga anak sa paaralan upang matutuhan lamang ang kanilang mga ABC at kung paano basahin at maunawaan ang mga salita ng Diyos. Pagkatapos nito, hahayaan ko silang pagtuonan ang paniniwala sa Diyos, at pag-aaralan din nila ang ilang kapaki-pakinabang na propesyon. Mas mabuting sila ay maging mga taong may mahusay na kakayahan at katauhan na kayang gampanan ang kanilang tungkulin sa bahay ng Diyos. Gayunpaman, kung hindi nila maisasagawa ang kanilang tungkulin, magkakaroon sila ng paraan upang matustusan ang kanilang sarili at ang kanilang pamilya sa mundo, at sapat na iyon. Ang mahalaga ay ang makitang tinatanggap nila kung ano ang nagmumula sa Diyos sa Kanyang bahay, at hindi hinahayaang madungisan sila at madumihan ng

lipunan.” Pagdating sa kanilang sariling mga anak, walang sinumang nagdadala sa kanila nang kusa sa harapan ng Diyos para sa tanging hangarin ng pagtanggap sa katotohanan ng Kanyang mga salita, ng pagkilos ayon sa katotohanan at mga hinihiling ng Diyos. Hindi nais ng mga taong gawin ito, at hindi sila mangangahas, kung hindi ay walang kabuhayan o hinaharap sa lipunan ang kanilang mga anak. Ano ang pinatutunayan ng pananaw na ito? Pinatutunayan nitong hindi interesado ang mga tao sa katotohanan at paniniwala sa Diyos. Wala silang pananampalataya sa Diyos, lalo na ang tunay na pananampalataya sa Kanya, at, sa kanilang mga puso, ang kanilang tinitingala at sinasamba ay nananatili ang mundong ito. Nararamdaman nilang, kung iiwan nila ang mundo, wala silang paraan upang mabuhay, samantalang, kung iiwan nila ang Diyos, maaari pa silang magkaroon ng pagkain, damit, at tirahan. Nararamdaman nilang, kung iiwanan nila ang kaalaman at edukasyon ng lipunan, tapos na sila kung gayon, isang parisukat na peg sa lipunan ng mga bilog na butas, at ang itapon at tanggalin ng lipunan ay nangangahulugang hindi sila mabubuhay. Kulang ang pananampalataya mo para sabihin na kung iiwan mo ang mundo at aasa sa Diyos, mabubuhay ka, bibigyan ka ng Diyos ng linya ng buhay na magbibigay-daan sa iyong mabuhay. Wala kang pag-unawa o lakas ng loob na sabihin ito. Ang mga salitang ito ay hindi upang hilingin sa iyo na tunay na isagawa ang gayon, ngunit upang sabihin na, bago mo isagawa ang gayon at tugunan ang mga usaping ito, ang gayong mga saloobin at pananaw ay nabuo na sa loob mo, at kinokontrol ang iyong bawat salita at gawa. Kaya nilang magpasya kung paano ka kikilos sa hinaharap, at kung paano mo hahawakan ang mga isyung ito.

Hinango mula sa “Makikilala Mo ang Iyong Sarili sa Pamamagitan Lamang ng Pagkilala sa Iyong mga Maling Pananaw” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Walang Kontrol ang Isang Tao sa Mangyayari sa Sariling Supling

Ang kapanganakan, paglaki, at pag-aasawa ay naghahatid na lahat ng iba’t ibang uri at antas ng kabiguan. May mga tao na di-nasisiyahan sa

kanilang mga pamilya o sa kanilang pisikal na anyo; may mga tao na hindi gusto ang kanilang mga magulang; ang ilan ay nagdaramdam o may mga reklamo sa kapaligiran na kinalakihan nila. At sa lahat ng kabiguang ito, ang pag-aasawa ang pinakahindi kasiya-siya para sa karamihan ng mga tao. Kahit gaano pa di-kasiya-siya para sa isang tao ang kanyang kapanganakan, pag-abot sa hustong pag-iisip, o pag-aasawa, alam ng bawat isang dumaan na sa mga ito na hindi mapipili ng isang tao kung saan at kailan siya ipapanganak, ano ang hitsura niya, sino ang kanyang mga magulang, at sino ang kanyang kabiyak, ngunit tinatanggap lamang niya ang kalooban ng Langit. Subalit kapag dumating na ang panahon upang mag-aruga ang mga tao ng susunod na henerasyon, kanilang ipinapasa ang lahat ng kanilang di-natupad na mga pagnanais sa unang bahagi ng kanilang buhay sa kanilang mga inanak, umaasa na mababawi ng kanilang mga supling ang lahat ng kabiguan na naranasan nila sa unang bahagi ng kanilang mga buhay. Kung kaya ginagawa ng mga tao ang lahat ng uri ng pagpapantasya tungkol sa kanilang mga anak: na ang kanilang mga anak na babae ay magiging nakamamanghang mga dilag, na ang kanilang mga anak na lalaki ay magiging makisig at maginoo; na ang kanilang mga anak na babae ay magkakaroon ng pinag-aralan at magkakaroon ng mga talento at ang kanilang mga anak na lalaki ay magiging mga napakatalinong mag-aaral at nangungunang atleta; na ang kanilang mga anak na babae ay magiging magiliw, mabait, at matino, at ang kanilang mga anak na lalaki ay magiging matalino, mahusay, at madaling makaramdam. Umaasa sila na mapababae o mapalalaki man ang kanilang anak, igagalang nito ang nakatatanda sa kanila, magiging maalalahanin sa kanilang mga magulang, mamahalin at pupurihin ng lahat…. Sa puntong ito, muling bumubukal ang pag-asa sa buhay, at nag-aalab ang mga bagong simbuyo sa puso ng mga tao. Alam ng mga tao na sila’y walang kapangyarihan at walang-pag-asa sa buhay na ito, na hindi na sila magkakaroon ng ibang pagkakataon o ng ibang pag-asa na mamukod-tangi sa iba, at wala na silang magagawa kundi ang tanggapin ang kanilang mga kapalaran. At kaya ipinapasa nila ang lahat ng kanilang

pag-asa, ang kanilang di-natupad na mga ninanais at mithiin, sa susunod na henerasyon, umaasa na makakatulong sa kanila ang kanilang supling na makamit ang kanilang mga pangarap at matupad ang kanilang mga ninanais; na ang kanilang mga anak na babae at mga anak na lalaki ay magdadala ng karangalan sa pangalan ng pamilya, magiging importante, mayaman, o bantog. Sa madaling salita, nais nilang makita na pumapailanlang ang tagumpay ng kanilang mga anak. Ang mga plano at pantasya ng mga tao ay perpekto; hindi ba nila alam na ang bilang ng mga anak na mayroon sila, ang hitsura, mga kakayahan ng kanilang mga anak, at iba pa, ay hindi nila mapagpapasyahan, na ni kapiraso ng mga kapalaran ng kanilang mga anak ay wala sa kanilang mga palad? Ang mga tao ay hindi mga panginoon ng kanilang sariling kapalaran, subalit umaasa sila na mababago nila ang mga kapalaran ng mas nakababatang henerasyon; wala silang kapangyarihan na takasan ang kanilang sariling mga kapalaran, subalit sinusubukan nilang kontrolin ang kapalaran ng kanilang mga anak na babae't lalaki. Hindi kaya nasosobrahan ang tiwala nila sa kanilang mga sarili? Hindi ba ito kahangalan at kamangmangan ng tao?

Hinango mula sa "Ang Diyos Mismo, ang Natatangi III" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Isang katotohanan na lahat ng dumarating sa mundo ay may misyon; hindi dumarating nang basta-basta ang sinuman sa mundo, ni hindi pagkakamali ang pagkakasaayos nito. Ang pagdating ng bawat isa sa mundo ng mga tao, anuman ang kanilang pinag-aralan o ginagawa, ay upang ganapin nila ang kanilang tungkulin sa mundong ito. Anong tungkulin iyon? Ang kanilang tungkulin ay ang tapusin ang isang trabaho at ganapin ang ilang mga gawain sa mundong ito. Halimbawa, may dalawang taong nagpakasal at nagkaroon ng anak at ang tatlong taong ito ay bumubuo ng isang kumpletong pamilya. Ano ang layunin sa buhay ng ina sa pamilyang ito? Nabubuhay siya para makumpleto ang kanyang misyon at ang kanyang tungkulin bilang isang ina, at iyon ay ang alagaan ang

kanyang anak at asawa at ang asikasuhin ang tahanan; ang mga bagay na ito ang dahilan kung bakit siya nabubuhay. Ano ang layunin sa buhay ng anak sa pamilya? Ano ang tungkuling ginagampanan ng anak? Sila ang mga supling ng pamilya na magpapatuloy sa pangalan nito; ginagampanan nila ang bahagi ng susunod na henerasyon sa pamilyang ito. Ang pagkakaroon ng anak ang nagpapatatag at bumubuo sa pamilya. Upang mabuo ang pamilya—ito ang unang tungkulin ng anak. Lalaki man o babae, mayroon silang misyon sa pamilya. Ang mga bai-baitang bang mga pagsasaayos para sa tadhana ng anak—kung ano ang magiging kapalaran nila, ano ang pag-aaralan nila sa lipunan, saan sila magtatrabaho, ang trabahong kanilang gagawin, ang tungkulin na kanilang gagampanan kapag pumasok sila sa bahay ng Diyos, ang kanilang mga natatanging kakayanan, at ano ang kanilang gagawin—ay hindi planadong lahat ng Diyos? May pagpipilian ba ang mismong anak? Simula sa sandaling ipinanganak sila sa kanilang pamilya, ang katotohanan ay wala silang anumang pagpipilian sa anumang yugto ng kanilang tadhana; lahat ng ito ay isinaayos ng Diyos. May katotohanan sa pahayag na "Ang lahat ay isinaayos ng Diyos," at ito'y may kaugnayan sa layunin sa buhay ng mga tao. … Ang katotohanan, lahat ng tao ay pare-pareho. Nabubuhay sila alang-alang sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos at sa Kanyang mga kaayusan. Ang bawat tao ay parang isang piyesa sa larong chess. Kung saan ka inilalagay ng Diyos, saan ka napupunta, ano ang ginagawa mo at kung gaano ka katagal mananatili sa isang lugar ay pagsasaayos lahat ng Diyos. Kaya't kung ang pagsasaayos ng Diyos ang pag-uusapan, para kanino nabubuhay ang sangkatauhan? Sa katotohanan, nabubuhay sila para sa kataas-taasang kapangyarihan at pagsasaayos ng Diyos, at nabubuhay sila para sa Kanyang pamamahala; hindi sila mga panginoon ng kanilang mga sarili.

Hinango mula sa "Sa pamamagitan lamang ng Maayos na Pagganap sa Tungkulin ng Isang Nilalang Nagkakaroon ng Halaga ang Buhay ng Isang Tao" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Maliban sa pagsisilang at pagpapalaki ng anak, ang tungkulin ng mga magulang sa buhay ng isang bata ay ang bigyan lang sila ng isang pormal na kapaligiran na kalalakihan nila, sapagkat walang makaiimpluwensya sa kapalaran ng tao maliban sa itinadhana ng Lumikha. Walang sinuman ang makakakontrol sa uri ng magiging kinabukasan ng isang tao; ito ay nauna nang naitadhana, at hindi mababago kahit na ng sariling mga magulang ang kapalaran ng isang tao. Kaugnay naman sa kapalaran, ang bawat isa ay nagsasarili, at bawat isa ay may sariling kapalaran. Kung kaya walang magulang ang makakapagpaiwas sa kapalaran sa buhay ng isang tao o makakaimpluwensya sa papel na gagampanan ng isang tao sa buhay. Maaaring sabihin na ang pamilya kung saan naitadhanang maisilang ang isang tao, at ang kapaligiran na kinalalakihan niya, ay mga paunang kondisyon lamang upang matupad niya ang sarili niyang misyon sa buhay. Hindi tinutukoy ng mga ito sa anumang paraan ang kapalaran ng isang tao sa buhay o ang uri ng tadhana kung saan ay matutupad ng isang tao ang kanyang misyon. Kung kaya't walang magulang ang makakatulong sa kanyang anak na matupad ang misyon niya sa buhay, at gayundin, walang kaanak ninuman ang makakatulong sa kanya na akuin ang sarili niyang papel sa buhay. Kung paano isinasagawa ng isang tao ang sariling misyon at sa anong uri ng pamumuhay sa kapaligiran niya ginagampanan ang sarili niyang papel ay ganap na itinatadhana ng sariling kapalaran sa buhay.

Hinango mula sa "Ang Diyos Mismo, ang Natatangi III" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

147. Ang mga Prinsipyo kung Paano Pakikitunguhan ang mga Asawang Babae, Asawang Lalaki, at mga Anak

(1) Kung ang isang asawang babae, asawang lalaki, at ang kanilang mga anak ay nanampalatayang lahat sa Diyos, dapat silang madalas na magbasa ng Kaniyang mga salita, magsalamuha sa katotohanan, suportahan ang bawat isa, at igalang si Cristo bilang Panginoon;

(2) Kung hindi nananampalataya sa Diyos ang asawang babae,

asawang lalaki, o mga anak ng isang tao, ngunit hindi salungat sa pananampalataya, dapat silang bigyan ng patotoo sa Diyos at magbahagi ng katotohanan, hangga't naaayon sa mga prinsipyo ng pagpapalaganap ng ebanghelyo ang paggawa nito;

(3) Dapat na matalinong tratuhin ang isang asawang babae, asawang lalaki, o anak na sumasalungat sa pananampalataya sa Diyos. Hindi dapat ianib ang mga masasamang tao sa pananampalataya sa Diyos;

(4) Ang pagpapasya kung dapat bang iwan ng isang tao ang kanilang pamilya ay dapat na ibatay sa kung nilalabanan ba sila o inuusig ng kanilang mga di-nananampalatayang miyembro ng pamilya, pati na rin sa tindi ng naturang pag-uusig.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Sa mga salita ng Diyos, anong prinsipyo ang binabanggit tungkol sa kung paano dapat pakitunguhan ng mga tao ang isa't isa? Mahalin ang minamahal ng Diyos, at kamuhian ang kinamumuhian ng Diyos. Iyon ay, ang mga taong minamahal ng Diyos, na tunay na naghahabol ng katotohanan at gumagawa ng kalooban ng Diyos, ang mismong mga taong dapat mong mahalin. Ang mga hindi gumagawa ng kalooban ng Diyos, yaong mga namumuhi sa Diyos, yaong mga sumusuway sa Kanya, at yaong mga kinasusuklaman Niya ay mga taong dapat din nating kasuklaman at tanggihan. Ito ang hinihingi ng salita ng Diyos. Kung hindi naniniwala ang iyong mga magulang sa Diyos, kinamumuhian nila Siya kung gayon; at kung kinamumuhian nila Siya, tiyak na kinamumuhian sila ng Diyos. Kaya, kung sinabi sa iyong kamuhian mo ang iyong mga magulang, magagawa mo ba ito? Kung nilalabanan nila ang Diyos at nilalapastangan Siya, tiyak na sila ang mga taong kinamumuhian at isinusumpa Niya. Sa ilalim ng gayong mga pangyayari, paano mo dapat tratuhin ang iyong mga magulang kung hinadlangan nila ang paniniwala mo sa Diyos, o kung hindi sila naniniwala? Noong Kapanahunan ng Biyaya, sinabi ng Panginoong Jesus, "Sino ang aking ina? at sino-sino ang aking mga kapatid? … Sapagka't sinomang gumaganap ng kalooban ng aking Ama na nasa langit, ay siyang aking kapatid na lalake at aking

kapatid na babae, at ina.” Umiiral na ang kasabihang ito noon pang Kapanahunan ng Biyaya, at lalo pang mas angkop ang mga salita ng Diyos ngayon: “Mahalin kung ano ang minamahal ng Diyos, at kamuhian kung ano ang kinamumuhian ng Diyos.” Diretsahan ang mga salitang ito, ngunit madalas na hindi napapahalagahan ng mga tao ang tunay na kahulugan ng mga ito.

Hinango mula sa “Makikilala Mo ang Iyong Sarili sa Pamamagitan Lamang ng Pagkilala sa Iyong mga Maling Pananaw” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang kaanak na iba ang pananampalataya (ang iyong mga anak, ang iyong asawa, iyong mga kapatid o magulang, at iba pa) ay hindi dapat piliting sumapi sa iglesia. Ang sambahayan ng Diyos ay hindi kulang sa mga kasapi, at hindi kailangang pataasin ang bilang nito ng mga taong walang silbi. Hindi na dapat akayin sa iglesia ang lahat ng hindi malugod na nananalig. Ang kautusang ito ay para sa lahat ng tao. Dapat ninyong siyasatin, subaybayan at paalalahanan ang isa’t isa sa bagay na ito, at walang sinumang maaaring lumabag dito. Kahit atubiling pumapasok nga sa iglesia ang kaanak na iba ang pananampalataya, huwag silang bigyan ng mga aklat o ng bagong pangalan; ang gayong mga tao ay hindi bahagi ng sambahayan ng Diyos, at kailangang patigilin ang pagpasok nila sa iglesia sa anumang paraang kinakailangan. Kung may gulong nadala sa iglesia dahil sa paglusob ng mga demonyo, ikaw mismo ay ititiwalag o paghihigpitan. Sa madaling salita, lahat ay may responsibilidad sa bagay na ito, ngunit hindi ka rin dapat magpadalus-dalos, ni gumamit nito para lutasin ang mga personal mong atraso.

Hinango mula sa “Ang Sampung Atas Administratibo na Dapat Sundin ng Hinirang na Bayan ng Diyos sa Kapanahunan ng Kaharian” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Labis na makasarili yaong mga nagkakaladkad tungong simbahan sa kanilang mga anak at kamag-anak na lubusang hindi naniniwala, at nagpapakita lamang sila ng kabaitan. Nakatuon lamang ang mga taong ito sa pagiging mapagmahal, naniniwala man sila o hindi o kung kalooban man ito ng Diyos. Dinadala ng ilan ang kanilang esposa sa harap ng Diyos,

o kinakaladkad ang kanilang mga magulang sa harap ng Diyos, at sumasang-ayon man sa kanila o hindi ang Banal na Espiritu o gumagawa sa kanila, walang taros silang nagpapatuloy sa “pag-ampon ng matatalinong tao” para sa Diyos. Anong pakinabang ang maaaring makamit mula sa pagpapaabot ng kabaitan sa mga hindi mananampalatayang ito? Kahit na nagsusumikap sila, na walang presensya ng Banal na Espiritu, na sundan ang Diyos, hindi pa rin sila maililigtas tulad ng maaaring paniwala ng tao. Yaong mga makakayang tumanggap ng kaligtasan sa totoo ay hindi ganoon kadaling matamo. Lubos na walang kakayahan na magawang ganap ang mga tao na hindi sumailalim sa gawain at mga pagsubok ng Banal na Espiritu, at hindi nagawang perpekto ng Diyos na nagkatawang-tao. Samakatuwid, mula sa sandaling simulan nilang sundan sa turing ang Diyos, salat sa presensya ng Banal na Espiritu ang mga taong iyon. Dala ng kanilang mga kalagayan at tunay na katayuan, hindi sila magagawang ganap nang gayon-gayon lamang. Sa gayon, nagpapasya ang Banal na Espiritu na huwag gumugol ng gaanong sigla sa kanila, o nagkakaloob Siya ng anumang kaliwanagan o ginagabayan sila sa anumang paraan; pinahihintulutan lamang Niya silang makisunod, at ilalahad sa huli ang mga kalalabasan nila—sapat na ito. Ang sigasig at mga layunin ng sangkatauhan ay mula kay Satanas, at hindi makakaya ng mga bagay na ito sa anumang paraan na gawing ganap ang gawain ng Banal na Espiritu. Anupaman ang mga tao, dapat silang magtaglay ng gawain ng Banal na Espiritu. Maaari bang gawing ganap ng mga tao ang mga tao? Bakit minamahal ng isang lalaki ang kanyang asawa? Bakit minamahal ng isang babae ang kanyang asawa? Bakit masunurin ang mga anak sa kanilang mga magulang? Bakit mahal na mahal ng mga magulang ang kanilang mga anak? Anong uring mga layon ang tunay na kinikimkim ng mga tao? Ang layon ba nila ay hindi upang matupad ang sarili nilang mga plano at mga makasariling pagnanasa? Tunay bang ibig nilang kumilos alang-alang sa plano ng pamamahala ng Diyos? Tunay nga bang kumikilos sila alang-alang sa gawain ng Diyos? Ang layon ba nila ay tuparin ang tungkulin ng isang nilikhang nilalang?

Yaong mga hindi nagagawang matamo ang presensya ng Banal na Espiritu mula noong sandaling nagsimula silang maniwala sa Diyos ay hindi kailanman makakayang makamit ang gawain ng Banal na Espiritu; naitalaga na ang mga taong ito bilang mga pakay na wawasakin. Gaano man kalaki ang pagmamahal na mayroon ang isang tao para sa kanila, hindi nito makakayang halinhan ang gawain ng Banal na Espiritu. Kumakatawan ang sigasig at pagmamahal ng mga tao sa mga layunin ng tao, ngunit hindi maaaring kumatawan ang mga ito sa mga layunin ng Diyos, at o hindi maaaring ipanghalili sa gawain ng Diyos. Kahit na ipinaabot ng isang tao ang pinakamalaking posibleng dami ng pagmamahal o awa sa mga tao na naniniwala sa turing sa Diyos at nagpapanggap na sumusunod sa Kanya nang hindi nalalaman kung ano ang tunay na kahulugan ng maniwala sa Diyos, hindi pa rin nila matatamo ang simpatya ng Diyos, o makakamit ang gawain ng Banal na Espiritu. Kahit na mahina ang kakayahan ng mga tao na taos-pusong sinusundan ang Diyos at hindi magawang maunawaan ang maraming katotohanan, makakaya pa rin nila na paminsan-minsang makamit ang gawain ng Banal na Espiritu; gayunman, yaong mga may bahagyang mahusay na kakayahan, ngunit hindi taos-pusong naniniwala, ay hindi basta makakamit ang presensya ng Banal na Espiritu. Walang lubos na posibilidad para sa kaligtasan ng gayong mga tao. Kahit binabasa nila ang mga salita ng Diyos o paminsan-minsang pinakikinggan ang mga pangaral, o kahit inaawit ang mga papuri sa Diyos, sa huli ay hindi nila magagawang makaligtas hanggang sa oras ng pamamahinga.

Hinango mula sa “Papasok sa Pahinga ang Diyos at ang Tao Nang Magkasama” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Si Job ay hindi lamang may takot sa Diyos, umasa rin siya na ang kanyang mga anak ay magkakaroon din ng takot sa Diyos at hindi magkakasala laban sa Diyos. Walang lugar sa puso ni Job ang materyal na kayamanan, at hindi nito napalitan ang posisyon na hawak ng Diyos; maging para sa kapakanan ng kanyang sarili o ng kanyang mga anak, ang

lahat ng ikinikilos ni Job araw-araw ay may kinalaman sa pagkakaroon ng takot sa Diyos at paglayo sa kasamaan. Ang kanyang takot sa Diyos na si Jehova ay hindi tumigil sa kanyang bibig, kundi isinakatuparan niya ito, at ipinakita sa bawat bahagi ng kanyang araw-araw na pamumuhay. Ang tunay na asal na ito ni Job ay nagpapakita sa atin na siya ay tapat, at nagtaglay ng diwa na may pagmamahal sa katarungan at mga bagay na positibo. Ang madalas na pagsugo at pagpapabanal ni Job sa kanyang mga anak na lalaki at babae ay nangangahulugan na hindi niya pinahintulutan o sinang-ayunan ang asal ng kanyang mga anak; sa halip, sa kanyang puso siya ay pagod na sa kanilang pag-uugali, at hinatulan niya sila. Napagpasyahan niya na ang pag-uugali ng kanyang mga anak na lalaki at babae ay hindi kalugud-lugod sa Diyos na si Jehova, at kaya naman madalas niya silang pagsabihan na pumunta sa harap ng Diyos na si Jehova at ikumpisal ang kanilang mga kasalanan. Ipinapakita sa atin ng mga kilos ni Job ang isa pang bahagi ng kanyang pagkatao, kung saan siya ay hindi kailanman sumama sa mga taong madalas na nagkakasala at sumusuway sa Diyos, at sa halip ay nilayuan at iniwasan ang mga ito. Bagama’t ang mga taong ito ay ang kanyang mga anak na lalaki at babae, hindi niya tinalikuran ang kanyang sariling mga prinsipyo dahil sa sila ay sarili niyang pamilya, at hindi niya pinagbigyan ang kanilang mga kasalanan dahil sa sarili niyang damdamin. Sa halip, hinimok niya silang mangumpisal at makamit ang kapatawaran ng Diyos na si Jehova, at binigyan niya sila ng babala na huwag talikuran ang Diyos para sa kapakanan ng kanilang mga sariling sakim na kasiyahan. Ang mga prinsipyo kung paano pinakitunguhan ni Job ang iba ay hindi maihihiwalay mula sa mga prinsipyo ng kanyang takot sa Diyos at paglayo sa kasamaan. Minahal niya ang mga tinanggap ng Diyos, at kinasuklaman ang mga itinaboy ng Diyos; minahal niya ang mga taong may takot sa Diyos sa kanilang mga puso, at kinasuklaman niya ang mga gumagawa ng kasamaan o nagkakasala laban sa Diyos. Ang ganitong pagmamahal at pagkasuklam ay makikita sa kanyang pang-araw-araw na pamumuhay, at ito ang tunay na pagkamatuwid ni Job na nakita ng mga mata ng Diyos.

Natural lamang na ito rin ang pagpapahayag at pagsasabuhay ng tunay na pagkatao ni Job sa kanyang mga ugnayan sa iba sa kanyang araw-araw na pamumuhay na dapat nating matutuhan.

Hinango mula sa "Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo II" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang Pagbubukod ni Job sa Pag-ibig at Poot

Ang isa pang bahagi ng pagkatao ni Job ay ipinapakita sa pag-uusap sa pagitan niya at ng kanyang asawa: "Nang magkagayo'y sinabi ng kaniyang asawa sa kaniya, Napananatili mo pa rin ba ang iyong katapatan? Sumpain mo ang Diyos, at mamatay ka. Nguni't sinabi niya sa kaniya, Ikaw ay nagsasalita na gaya ng pagsasalita ng hangal na babae. Ano? Tatanggap ba tayo ng mabuti sa kamay ng Diyos, at hindi tayo tatanggap ng masama?" (Job 2:9–10). Nang makita ang paghihirap na dinaranas niya, sinubukan ng asawa ni Job na payuhan si Job upang tulungan siyang makatakas sa kanyang paghihirap—ngunit ang kanyang "mabubuting intensyon" ay hindi sinang-ayunan ni Job. Sa halip, naging dahilan ito upang si Job ay magalit, sapagkat itinakwil ng asawa ni Job ang kanyang pananampalataya at pagkamasunurin sa Diyos na si Jehova, at itinakwil din ng asawa ni Job ang pag-iral ng Diyos na si Jehova. Hindi ito katanggap-tanggap kay Job, dahil hindi niya kailanman pinayagan ang kanyang sarili na gumawa ng kahit ano na sasalungat o makasasakit sa Diyos, at hindi pa kasali rito ang iba. Paano siya mananatiling walang malasakit kung nakita niya ang iba na nagbibigkas ng mga salitang lumalapastangan at umiinsulto sa Diyos? Kaya tinawag niya ang kanyang asawa na isang "hangal na babae." Ang saloobin ni Job sa kanyang asawa ay may galit at poot, pati na rin ang kahihiyan at mahigpit na pangangaral. Ito ay ang likas na pagpapahayag ng pagkatao ni Job na kumikilala sa pagkakaiba ng pag-ibig at poot, at isang tunay na paglalarawan ng kanyang matuwid na pagkatao. Si Job ay nagtaglay ng pagkamakatarungan—na dahilan upang magalit siya sa pagpapakita ng kabuktutan, at kapootan, kondenahin at tanggihan ang walang saysay na

maling pananampalataya, mga hindi kapani-paniwalang argumento, at katawa-tawang mga pahayag, at nagpahintulot sa kanya na maging totoo sa kanyang sarili, sa mga wastong prinsipyo at makapanindigan nang siya ay itinakwil ng masa at iwan ng mga taong malapit sa kanya.

Hinango mula sa “Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo II” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Bagamat iilan ang mga taong naniniwala sa Diyos, maaaring lumitaw na napaka-espirituwal sa panlabas na kaanyuan, ngunit patungkol sa mga pananaw at pag-uugali ng mga magulang sa mga anak at ng mga anak sa mga magulang, wala silang ideya kung papaano nila isabuhay ang aspetong ito ng katotohanan, pati na rin kung aling mga alituntunin ang dapat gamitin sa pagtrato at pagharap sa mga usaping ito.Sa mata ng isang magulang, ang magulang ay palaging isang magulang at ang anak ay palaging isang anak; dahil dito, ang pagsasama ng magulang at anak ay nagiging napakahirap iwasto. Sa totoo lang, sa maraming bagay, tumatanggi ang mga magulang na magpatinag sa kanilang katayuan bilang mga magulang. Palagi nilang nakikita ang sarili nila bilang mga nakatatanda, at iniisip nila na sa lahat ng panahon, ang mga anak ay dapat makinig sa kanilang mga magulang, at na ang katotohanang ito ay hindi magbabago. Ito ay humahantong sa patuloy na pagtutol ng kanilang mga anak. Nang dahil sa ganitong mga pananaw, nauuwi sa pagiging kahabag-habag, kawawa, at pagod ang magkabilaang panig. Hindi ba ito isang pagpapamalas ng hindi pag-unawa sa katotohanan? Kapag hindi nauunawaan ng mga tao ang katotohanan, palagi silang napipigilan ng katayuan. Paano sila hindi magdurusa bilang resulta nito? Kung gayon, sa ganitong mga kaso,paano maisasabuhay ang katotohanan? (Sa pamamagitan ng pagkalas sa iyong sarili). Ano ang ibig sabihin ng pagkalas? Sa anong uri ng pananaw at pag-uugali mo dapat tratuhin ang usapin na ito upang tunay na kumalas?Talagang simple lamang ito. Dapat kang maging isang karaniwang tao at huwag magpapigil sa katayuan. Tratuhin mo ang iyong mga anak at ang ibang miyembro ng iyong pamilya

tulad ng ginagawa mo sa mga ordinaryong kapatid na lalaki o babae. Bagamat mayroon kang responsibilidad at ugnayan ng laman sa kanila, gayunpaman, ang posisyon at pananaw na dapat ay mayroon ka sa kanila ay katulad dapat ng sa iyong mga kaibigan o ordinaryong mga kapatid na lalaki at babae. Talagang hindi ka dapat tumayo sa posisyon ng isang magulang at hindi dapat pigilan ang iyong mga anak, gapusin sila, o subukang kontrolin ang lahat ng tungkol sa kanila. Dapat mo silang tratuhin bilang mga kapantay mo. Dapat ay pahintulutan mo silang magkamali, magsabi ng mga maling bagay, gumawa ng mga pambata at pangmusmos na mga bagay, at gumawa ng mga kahangalan. Anuman ang mangyari, dapat kang umupo at kalmadong makipag-usap sa kanila, at hanapin ang katotohanan. Sa ganitong paraan, makikipag-usap ka sa kanila nang may tamang pag-uugali at malulutas ang problema. Ano ang pinapakawalan mo dito? Pinapakawalan mo ang posisyon at katayuan ng isang magulang, ang ere ng isang magulang, at ang lahat ng responsibilidad na iniisip mong dapat mong gampanan bilang isang magulang; sa halip, sapat na gawin mo ang abot ng iyong makakakaya pagdating sa responsibilidad bilang isang ordinaryong kapatid na lalaki o babae. …Bukod dito, maraming mga magulang ang nag-iisip na basta’t para ito sa kapakanan ng kanilang mga anak, anumang gawin nila ay tama. Totoong mayroon silang ganyang saloobin at pananaw. Paano ka hindi makakagawa ng pagkakamali? Ikaw din ay isang taong nagawang tiwali kaya paano mo matutukoy na ikaw ay walang pagkakamali? Basta’t inaamin mo na hindi mo taglay ang katotohanan at isa kang taong nagawang tiwali, kung gayon ay mayroon kang mga pagkakamali at maaaring magkamali. May kakayahan kang gumawa ng pagkakamali—ngunit paanong sa bawat pag-ibot, sinisikap mong patnubayan ang iyong mga anak at inaatasan silang patuloy na sundin ka? Hindi ba ito isang mapagmataas na disposisyon? Isa itong mapagmataas na disposisyon, at isa pa ngang mabangis na disposisyon kung tutuusin.

Hinango mula sa Pagbabahagi ng Diyos

Ang bawat taong naninirahan sa ating kasalukuyang lipunan, gaano man karami ang natanggap nilang edukasyon, ay maraming mga bagay sa loob ng kanilang pag-iisip at pananaw. Ang mga tradisyunal na kababaihang Tsino, sa partikular, ay naniniwalang ang lugar ng isang babae ay nasa bahay, na dapat maging mabuting asawa at ina ang kababaihan na ginugugol at inilalaan ang buong buhay nila sa kanilang mga asawa at anak. Tatlong beses ng pagkain sa isang araw para sa kanilang pamilya, paglilinis, paglalaba—dapat nilang gawin ang lahat sa bahay, at gawin ito nang may pambihirang husay. Ito, syempre, ang pamantayan sa ating lipunan para sa isang "mabuting asawa at ina." Naniniwala ang bawat babaeng ganito dapat siya kumilos, na, kung hindi, hindi siya mabuting babae, at lalabag sa kanyang budhi, at lalabag sa mga pamantayan ng moralidad. Mayroon pang iba, na hindi maganda ang paggampanan sa tungkuling ito o walang pagsasaalang-alang sa mga pamantayan ng lipunan, ay nilalamon ng budhi, at pakiramdam nila'y pinabayaan nila ang kanilang mga anak at kanilang asawa. Ang pagkakaroon ba ng paniniwala sa Diyos at tinatawag upang gampanan ang iyong tungkulin ay lumilikha ng hidwaan sa iyong pagiging isang mabuting asawa at ina, isang huwarang ina, isang babaeng umaayon sa mga pamantayan? Kung nais mong maging mabuting asawa at ina, hindi mo maaaring gugulin ang isang daang porsyento ng iyong oras sa iyong tungkulin. Kapag ang magkaroon ng tunggalian sa pagitan ng iyong tungkulin bilang asawa at ina at ng iyong tungkulin, alin ang pipiliin mo? Kung piliin mong gampanan ang iyong tungkulin at tanggapin ang responsibilidad para sa gawain ng bahay ng Diyos, upang gawin ang lahat na iyong makakaya, nang may ganap na debosyon sa Diyos, at, sa paggawa nito, ay napipilitang isantabi ang iyong mga tungkulin bilang asawa at ina, anong mararamdaman? Anong mga bagay ang iyong maiisip? Mararamdaman mo bang binigo mo ang iyong mga anak? Saan nagmumula ang ganitong pakiramdam ng kabiguan, ang pagkabagabag na ito? Nababagabag ka ba kapag hindi mo nagagampanan nang mabuti ang tungkulin ng isang nilikhang nilalang? Hindi ka nababagabag, ni hindi mo

nararamdamang masisi, dahil ang positibong bagay na ito ay hindi nakatanim sa iyong saloobin, pananaw, at budhi. Ano, kung gayon, ang nakatanim sa kanila? Ang pagiging mabuting asawa at ina. Kung hindi ka mabuting asawa at ina, hindi ka mabuting babae kung gayon, hindi isang “disenteng” babae. Hindi ba iyan ang pamantayan mo? Ang pamantayang ito ay nagbubuklod sa iyo; ginawa ka upang dalhin ito habang naniniwala ka sa Diyos at ginagampanan ang iyong tungkulin. Kapag ang tunggalian ay lumitaw sa pagitan ng pagganap ng iyong tungkulin at pagiging isang mabuting asawa at isang mapagmahal na ina, piliin mo man nang may pag-aatubilin ang paggampan ng iyong tungkulin o maging matapat sa Diyos, mayroong sukat ng pagkabagabag sa iyong puso, at mas malaking sukat ng pagsisisi. Kapag hindi mo ginagampanan ang iyong tungkulin, umuuwi at inaalagaang mabuti ang iyong mga anak o asawa, sinusubukang makabawi para sa iyong pagkawala, gayunpaman, sa paggawa nito, tinitiis mo ang higit na paghihirap ng laman. Isang kautusang pangkaisipan ang dahilan na nagagawa mo ito. Ngunit nagawa ba natin ang ating pananagutan, ating obligasyon, at ating tungkulin sa harap ng Diyos? Kapag pabaya tayo at walng pakialam sa ating tungkulin, o kung ayaw natin itong gawin, may pakiramdam ba ng pagsisisi sa ating mga puso, o pakiramdam ng panunuya? Hindi tayo nakakaramdam ang kahit konting kahihiyan, dahil hindi umiiral ang ganoong bagay sa loob ng katauhan ng mga tao. Samakatuwid, kahit na maaaring gampanan mo ang ilan sa iyong tungkulin, mananatiling medyo wala ka pa rin sa mga pamantayan ng katotohanan at ng Diyos. Sinabi ng Diyos, “Ang Diyos ang pinagmulan ng buhay ng tao.” Ano ang kahulugan ng mga salitang ito? Nilalayon nilang ipaalam ito sa lahat ng tao: Ang ating buhay at ang aming espiritu ay nagmula sa Diyos, hindi sa ating mga magulang, at lalong hindi sa sangkatauhan, o sa lipunan nating ito, o sa kalikasan. Ibinigay sa atin ng Diyos ang mga ito, at, kahit na ipinanganak ng ating mga magulang ang ating katawan, ang Diyos ang kumokontrol sa ating mga kapalaran. Isang pagkakataong ibinigay ng Diyos sa atin na maaari tayong maniwala sa Kanya; itinalaga Niya ito, at ito ang Kanyang biyaya. Samakatuwid wala

kang tungkuling magsagawa ng mga obligasyon o responsibilidad para sa ibang tao; ang tanging obligasyon mo lamang ay gampanan para sa Diyos ang tungkuling dapat ginagampanan ng isang nilikha. Ito ang pinakadapat gawin ng tao, at, kabilang sa lahat ng dakilang bagay sa buhay ng isang tao, ito ang dapat nilang kumpletuhin—ito ang pangunahing gawain ng buhay ng isang tao. Kung hindi mo gampanan nang maayos ang iyong tungkulin, hindi ka isang totoong nilikhang nilalang. Sa paningin ng tao, maaaring isa kang mabuting asawa at ina, kamangha-manghang maybahay, masunuring anak na babae, at namumukod na miyembro ng lipunan, ngunit, sa harap ng Diyos, ikaw ay isang naghihimagsik laban sa Kanya, hindi gumaganap alinman sa kanilang mga obligasyon o tungkulin, at isang hindi ginampanan ang paggawang tinanggap nila mula sa Diyos. Magkakaroon pa ba ng katayuan ang gayung tao sa harap ng Diyos? Ang gayong tao ay di pinag-aaksayahan kahit ng baryang tanso.

Hinango mula sa “Makikilala Mo ang Iyong Sarili sa Pamamagitan Lamang ng Pagkilala sa Iyong mga Maling Pananaw” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang pagmamahal at pagsunod sa mga magulang: Ito ba ang katotohanan? (Hindi.) Hindi mali ang pagmamahal at pagsunod sa mga magulang, isa itong positibong bagay—subali’t bakit Ko sinasabing hindi ito ang katotohanan? Kung naniniwala ang iyong mga magulang sa Diyos at tinatrato ka nang mabuti, masunuring anak ka ba? (Oo.) Paano ka naging masunuring anak? Iba ang pakikitungo mo sa kanila kaysa sa ibang mga kapatid. Iginagalang mo sila bilang mga magulang, ginagawa mo ang lahat ng sinasabi nila, at kung matatanda na sila, nananatili ka sa kanilang tabi upang alagaan sila, na pumipigil sa iyo na lumabas upang tuparin ang iyong tungkulin. Tama bang gawin ito? Ano ang dapat mong gawin sa gayong mga pagkakataon? Depende ito sa mga pangyayari. Kung kaya mo pa rin silang alagaan habang tinutupad mo ang iyong tungkulin sa di-kalayuan, at hindi tinututulan ng iyong mga magulang ang pananampalataya mo sa Diyos, dapat mong tuparin ang iyong responsibilidad bilang isang anak na lalaki o babae at tulungan ang iyong

mga magulang. Kung mayroon silang karamdaman, alagaan mo sila; kung may bumabagabag sa kanila, aliwin mo sila; kung ipahihintulot ng iyong kalagayang pinansiyal, ibili mo sila ng angkop na mga suplemento at nutrisyon. Subalit, ano ang dapat mong piliing gawin kung ikaw ay abala sa iyong tungkulin, walang magbabantay sa iyong mga magulang, at sila rin naman, ay naniniwala sa Diyos? Anong katotohanan ang dapat mong isagawa? Yamang hindi isang katotohanan ang pagkamasunurin sa mga magulang, kundi isang personal na responsibilidad at obligasyon lamang, ano ang dapat mong gawin kapag may salungatan sa pagitan ng iyong mga obligasyon at ng iyong tungkulin? (Inuuna ang ating tungkulin, dapat itong mauna.) Hindi mo tungkulin ang iyong mga obligasyon. Pagsasagawa ng katotohanan ang pagtupad mo sa iyong tungkulin; hindi pagsasagawa ng katotohanan ang pagtupad sa iyong mga obligasyon. Bakit Ko sinasabing hindi ito pagsasagawa ng katotohanan? Kung ipahintulot ng mga pangyayari at may partikular kang responsibilidad o obligasyon, dapat kang humayo at gawin ito—subali't ano ang dapat mong gawin kung hindi ipinahihintulot ng sitwasyon na gawin mo ito? Dapat mong sabihing, "Dapat akong umalis at tuparin ang aking tungkulin. Ito ang katotohanang dapat kong isagawa; hindi ang pagkamasunurin sa aking mga magulang." Kung wala kang tungkulin sa sandaling ito, at hindi nagtatrabaho nang malayo sa tahanan, at kasama ang mga magulang, maghanap ka ng paraan upang alagaan sila, gawin mo ang makakaya mo upang mapabuti ang kanilang mga buhay at maging hindi gaanong mahirap. Nguni't depende rin ito sa kung anong uri ng mga tao ang iyong mga magulang. Ano ang dapat mong gawin kung mahirap ang pagkatao nila, laging pabigat sa iyong pananampalataya sa Diyos at sa pagtupad ng iyong tungkulin, at hinahadlangan nila ang iyong pananampalataya sa Diyos? Anong katotohanan ang dapat mong isagawa? (Pagtanggi.) Sa gayong pagkakataon, dapat mo silang tanggihan. Natupad mo na ang iyong obligasyon; hindi sila naniniwala sa Diyos, kaya wala kang obligasyon na alagaan sila. Kung naniniwala sila sa Diyos, magkakapamilya kayo, mga magulang mo sila. Kung hindi sila naniniwala sa Diyos, magkahiwalay ang

tinatahak ninyong landas, dalawang magkaibang uri ng mga tao kayo. Naniniwala sila kay Satanas. Pinagpipitagan nila si Satanas. Tinatahak nila ang landas ni Satanas, ang landas ng pagsamba kay Satanas, isang landas na iba sa iyong pananampalataya sa Diyos. Dalawang magkaibang uring mga tao kayo, kaya't wala nang pag-aalinlangan na mga kaaway mo sila; hindi na kayo magkakapamilya, kaya't hindi ka obligadong alagaan sila. Alin ang katotohanan? Ang pagtupad ng tungkulin ng isang tao ay ang katotohanan. Ang pagtupad ng iyong tungkulin sa tahanan ng Diyos ay hindi basta lamang pagtupad ng ilang katungkulan o paggawa ng isang bagay na dapat mong gawin. Ito'y pagtupad ng tungkulin ng isang nilikhang nabubuhay sa pagitan ng langit at lupa! Ito'y pagtupad sa iyong mga katungkulan at pananagutan sa harap ng Panginoon ng sangnilikha. Ang mga pananagutang ito ang iyong tunay na mga pananagutan. Ihambing ang pagtupad sa tungkulin ng isang nilikha sa pagiging anak ng iyong mga magulang—alin ang katotohanan? Ang pagtupad sa tungkulin ng isang nilikha ang katotohanan; ito ang iyong takdang tungkulin. Ang pagkamasunurin sa mga magulang ay pagkamasunurin sa mga tao, hindi ito pagsasagawa ng katotohanan.

Hinango mula sa "Ano ang Katotohanang Realidad?" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

May kapalaran ang bawat tao at ito ay itinadhana ng Diyos. Walang sinuman ang makakakontrol ng kapalaran ng ibang tao, kung kaya't pagdating sa iyong pamilya, huwag mabahala at matuto kung paanong bitawan at isaisantabi ang lahat. Paano mo gagawin iyan? Isang bahagi nito ay sa pamamagitan ng pananalangin sa Diyos. Kailangan mo ring pagnilayan ito: Hinahangad ng mga di-mananampalataya sa iyong pamilya ang mundo, hinahangad nila ang mga materyal na pagbibigay-kasiyahan, at hinahangad nila ang kayamanan—anong uri ng landas ang kanilang tinatahak? Kung hindi mo ginagampanan ang iyong tungkulin, at namumuhay na kasama nila, malamang bang dumanas ka ng kirot at pagdurusa? Kung namumuhay kang kasama nila, makakasundo mo ba

sila? Magiging magkatulad ba ang inyong paraan ng pag-iisip? Bukod sa inyong pagmamahal sa isa't isa, mayroon pa bang iba? Wala. Ano ang lalim ng ganitong pagmamahal kung ganoon? Labis ang pagmamalasakit mo sa kanila, ngunit ano ang nararamdaman nila tungkol sa iyo? Talaga bang makasusumpong ka ng kapayapaan at kasiyahan sa pamumuhay kasama nila? Maaari lamang magdulot ito sa iyo ng kirot at kahungkagan. Hindi ka tumatahak sa katulad na landas na tinatahak nila; ang iyong pananaw sa mundo, sa buhay, sa landas ng iyong buhay, kung ano ang iyong hinahangad—lahat ng ito ay naiiba. Sa ngayon, kapag malayo ka sa iyong pamilya, ang pagiging magkadugo ninyo ang nagiging sanhi upang makaramdam pa rin lagi ng kaugnayan sa kanila, na sila ay iyong pamilya. Ngunit kapag talagang kasama mo sila, hindi man lang umaabot ng isang taon—paglipas ng isang buwan ay napupuno ka na. Hindi mo na kayang tiising marinig ang kanilang mga pananaw, ang kanilang pakikitungo sa mga tao, ang kanilang mga pilosopiya sa pamumuhay, ang mga kasinungalingang pumupuno sa kanilang mga bibig, ang kanilang mga para-paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay, ang kanilang pananaw sa buhay, o kanilang mga pagpapahalaga, at iniisip mo sa sarili, "Hinahanap-hanap ko sila noon sa lahat ng oras at lagi akong natatakot na mahirap ang kanilang buhay. Ngunit ngayong naninirahan na akong kasama nila, hindi ko na matiis ang buhay ko!" Nagkakaroon ka ng pag-ayaw sa kanila. Sa ngayon, hindi pa rin malinaw sa iyo kung anong uri sila ng mga tao, kaya iniisip mo pa rin na higit na mahalaga ang pagiging magkadugo kaysa ano pa man, higit na tunay. Pinaghaharian ka pa rin ng damdamin. Kung maisasantabi mo ang mga usapin ng damdamin, ganap mo iyong gawin; kung hindi mo ito magagawa, unahin mo ang iyong tungkulin, ang iyong misyon at tagubilin ang pinakamahalaga; tapusin mo muna ang tagubilin sa iyo, ang iyong misyon, at ang iyong tungkulin, at pansamantalang huwag pansinin ang iba pa. Sa oras na nagampanan na nang maayos ng mga tao ang kanilang mga tagubilin at tungkulin, nadaragdagan ang pagiging malinaw sa kanila ng katotohanan, nadaragdagan ang pagiging normal ng kanilang kaugnayan sa Diyos, higit pang lumalago ang kanilang hangaring

sumunod sa Diyos, higit pang lumalago at higit na nakikita ang kanilang paggalang sa Diyos, at may pagbabago sa kanilang panloob na kalagayan. Sa oras na magbago ang iyong kalagayan, magsisimulang maglaho ang iyong makamundong mga pananaw at mga pagmamahal, at hindi mo na hahangarin ang ganoong mga bagay. Hahanapin ng puso mo kung paano iibigin ang Diyos, kung paano bibigyang-lugod ang Diyos, kung paano ipamumuhay ang pagkakawangis na magbibigay-lugod sa Diyos at kung paano mamuhay ng buhay na may katotohanan. Sa oras na magsumikap ang iyong puso ukol dito, yaong mga bagay na may kaugnayan sa mga pagmamahal ng laman ay dahan-dahang maglalaho at hindi ka na nila magagawang igapos o supilin.

Hinango mula sa “Ang Mga Prinsipyo ng Pagsasagawa Ukol sa Pagpapasakop sa Diyos” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Walang ugnayan sa pagitan ng isang naniniwalang esposo at ng hindi naniniwalang esposa, at walang ugnayan sa pagitan ng mga naniniwalang anak at mga di-naniniwalang magulang; ganap na hindi magkaayon ang dalawang uring ito ng mga tao. Bago pumasok sa pamamahinga, may pisikal na mga kamag-anak ang isang tao, ngunit sa sandaling pumasok sa pamamahinga ang isang tao, wala na siyang anumang pisikal na mga kamag-anak na masasabi. Yaong mga gumagawa ng kanilang tungkulin ay mga kaaway ng mga yaong hindi gumagawa ng kanilang tungkulin; yaong mga nagmamahal sa Diyos at yaong mga napopoot sa Kanya ay magkasalungat sa isa’t isa. Yaong mga papasok sa pamamahinga at yaong mga nawasak na ay dalawang di-magkaayong uri ng mga nilalang. Ang mga nilalang na tumutupad sa kanilang mga tungkulin ay magagawang makaligtas, habang yaong mga hindi tumutupad sa kanilang mga tungkulin ay magiging mga pakay ng pagkawasak; higit pa rito, magtatagal ito hanggang sa kawalang-hanggan. Minamahal mo ba ang iyong esposo upang matupad ang tungkulin mo bilang isang nilikhang nilalang? Minamahal mo ba ang iyong esposa upang tuparin ang tungkulin mo bilang isang nilikhang nilalang? Masunurin ka ba sa mga magulang

mong hindi naniniwala upang tuparin ang tungkulin mo bilang isang nilikhang nilalang? Tama ba o mali ang pananaw ng tao hinggil sa paniniwala sa Diyos? Bakit ka naniniwala sa Diyos? Ano ang nais mong makamit? Paano mo minamahal ang Diyos? Yaong mga hindi makatupad sa kanilang mga tungkulin bilang mga nilikhang nilalang, at hindi makagawa ng sagarang pagsisikap, ay magiging mga pakay ng pagkawasak. May mga pisikal na ugnayang umiiral sa pagitan ng mga tao ng ngayon, gayundin ang mga pagkakaugnay sa dugo, ngunit sa hinaharap, babasagin ang lahat ng ito. Hindi magkatugma ang mga mananampalataya at ang mga di-mananampalataya; bagkus ay magkasalungat sila sa isa't isa. Yaong mga nasa pamamahinga ay maniniwala na may Diyos at magpapasakop sa Diyos, samantalang yaong mga masuwayin sa Diyos ay pawang mawawasak. Hindi na iiral sa lupa ang mga pamilya; paano pa magkakaroon ng mga magulang o mga anak o mga ugnayan ng mag-asawa? Ang mismong hindi pagkakatugma ng paniniwala at kawalang-paniniwala ay lubos na papatid sa gayong mga pisikal na ugnayan!

Hinango mula sa "Papasok sa Pahinga ang Diyos at ang Tao Nang Magkasama" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

148. Ang mga Prinsipyo Kung Paano Pakikitunguhan ang mga Makamundong Hilig

(1) Dapat na maliwanag na makita na ang mga hilig ng mundo ay nagmumula sa masasamang puwersa ni Satanas. Mga negatibong bagay ang mga ito sa diwa na tumatanggi sa Diyos at napopoot sa katotohanan;

(2) Isang malaking lubluban ng kasalanan at kalaswaan ang mga hilig ng mundo. Dapat makilala ng tao ang kasamaan at karumihan ng mga ito upang huwag silang mahulog rito;

(3) Dapat na maunawaan na mga pandaraya ang mga hilig ng mundo na ginagamit ni Satanas sa tao upang umiwas siya at labanan ang Diyos. Paghahanap ng sariling pagkawasak ang pagsunod sa mga masasamang hilig;

(4) Sa pananampalataya sa Diyos, dapat na hangarin ng isang tao ang katotohanan, magkaroon ng pagkatakot sa Diyos at iwasan ang kasamaan, at mamuhay sa katotohanang salita ng Diyos. Sa ganitong paraan lamang mapapalayas ang mga puwersa ni Satanas.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ginagawang tiwali ni Satanas ang tao sa pamamagitan ng kalakarang panlipunan. Kabilang sa “mga kalakarang panlipunan” na ito ang maraming bagay. Sinasabi ng ilang tao na: “Nangangahulugan ba ito ng mga pinakabagong uso, mga pampaganda, mga istilo ng buhok, at masasarap na pagkain?” Ang mga ito ba’y itinuturing na kalakarang panlipunan? Ang mga ito ay isang bahagi ng mga kalakarang panlipunan, subali’t hindi natin pag-uusapan ang mga ito dito. Nais lamang nating pag-usapan ang tungkol sa mga ideyang idinudulot ng mga kalakarang panlipunan sa mga tao, kung paano ang mga ito nagiging sanhi sa paggawi ng mga tao sa mundo, at ang mga layunin sa buhay at pananaw na idinudulot ng mga ito sa mga tao. Ang mga ito ay napakahalaga; makokontrol at maiimpluwensyahan ng mga ito ang kalagayan ng pag-iisip ng isang tao. Ang mga kalakarang ito ay lumilitaw isa-isa, at lahat ng mga ito ay nagdadala ng isang masamang impluwensya na patuloy na nagpapababa sa sangkatauhan, na nagiging sanhi upang mawalan ang mga tao ng konsensya, pagkatao at katinuan, na lalo pang nagpapahina ng kanilang mga moral at kanilang kalidad ng karakter, hanggang sa masasabi nating karamihan ng mga tao ngayon ay walang integridad, walang pagkatao, ni anumang konsensya, at lalo’t higit ng anumang katinuan. Kaya ano ang mga kalakarang ito? Ito ang mga kalakarang hindi mo makikita gamit ang karaniwang mata lamang. Kapag ang isang bagong kalakaran ay lumalaganap sa mundo, marahil maliit na bilang lamang ng mga tao ang nangunguna, gumaganap bilang mga tagapagpauso. Nagsisimula sila sa paggawa ng ilang bagong bagay, pagkatapos ay tinatanggap ang ilang uri ng ideya o ilang uri ng pananaw. Ang karamihan sa mga tao, gayunpaman, sa gitna ng kanilang kawalan ng kamalayan, ay patuloy pa ring mahahawa, magiging bahagi at maaakit ng ganitong uri ng kalakaran, hanggang sa tatanggapin nilang lahat ito nang

hindi namamalayan at nang walang kusa at maging lubog dito at kontrolado nito. Isa-isa, ang mga kalakarang iyon ay nagiging sanhi upang ang mga tao, na wala sa matinong pangangatawan at pag-iisip, hindi nalalaman kung ano ang katotohanan, at hindi nakikilala ang kaibahan sa pagitan ng positibo at negatibong mga bagay, na tanggapin nang maluwag sa kalooban ang mga kalakarang ito pati na rin ang mga pananaw sa buhay at ang mga pagpapahalaga na nanggagaling kay Satanas. Tinatanggap nila kung ano ang sinasabi sa kanila ni Satanas kung paano pakitunguhan ang buhay at ang paraan ng pamumuhay na "ipinagkakaloob" sa kanila ni Satanas, at wala silang taglay na lakas, ni kakayahan, lalo na ang kamalayan, upang lumaban. Kaya ano ba talaga ang mga kalakarang ito? Nakapili Ako ng isang simpleng halimbawa na maaaring maunawaan ninyo nang unti-unti. Halimbawa, pinatatakbo ng mga tao noong una ang kanilang mga negosyo sa paraang hindi nandadaya ninuman; at ibinebenta ang mga bagay sa parehong presyo maging sinuman ang bumibili. Hindi ba nito ipinapakita ang ilang elemento ng konsensya at pagkatao? Kapag nagsasagawa ang mga tao ng kanilang negosyo gaya nito, nang walang masamang hangarin, makikita rito na mayroon pa rin silang kaunting konsensya at kaunting pagkatao sa panahong iyon. Ngunit dahil sa palaki nang palaking pangangailangan ng tao para sa pera, walang kamalay-malay na natutunan ng mga tao na lalo pang ibigin ang salapi, pakinabang at kasiyahan. Sa madaling salita, tiningnan ng mga tao ang salapi bilang mas mahalaga pa kaysa sa dati. Kapag tinatanaw ng mga tao ang salapi bilang mas mahalaga, walang malay nilang napapabayaan ang kanilang reputasyon, kanilang katanyagan, kanilang karangalan, at kanilang katapatan, hindi ba? Kapag ikaw ay nagnenegosyo, nakikita mo ang ibang gumagamit ng iba't ibang pamamaraan upang dayain ang mga tao at maging mayaman. Bagaman ang salaping kinita ay nakaw, sila ay payaman nang payaman. Bagama't kapareho ng negosyo nila ang sa iyo, ngunit ang kanilang buong pamilya ay nasisiyahan sa buhay nang mas higit kaysa sa iyo, at masama ang loob mo, na sinasabi sa sarili mong: "Bakit hindi ko gawin ang gayon? Bakit

hindi ako dapat kumita ng kasinglaki ng sa kanila? Dapat akong makaisip ng paraan upang magkaroon ng mas maraming salapi, upang gawing masagana ang aking negosyo.” Sa gayon pag-iisipan mo kung paano kumita ng malaking pera. Ayon sa karaniwang paraan ng pagkita ng salapi—pagbebenta sa kaparehong presyo para sa lahat—anumang perang kinikita mo ay ayon sa mabuting konsensya. Subalit hindi ka agad mapapayaman nito. Gayunpaman, sa ilalim ng udyok na magkaroon ng tubo, ang iyong pag-iisip ay sasailalim sa isang dahan-dahang pagbabago. Sa panahon ng pagbabagong ito, ang mga prinsipyo mo ay nagsisimula ring magbago. Nang unang pagkakataong nandaya ka ng isang tao, mayroong ka pang mga pag-aatubili, na sinasabing, “Ito na ang huling pagkakataon na dadayain ko ang isang tao. Hindi ko na ito uulitin. Hindi ako maaaring mandaya ng mga tao. Ang pandaraya ng mga tao ay may masasamang kahihinatnan. Magdadala ito ng kapahamakan sa akin!” Nang unang nandaya ka ng isang tao, ang iyong puso ay nagkaroon ng ilang pag-aatubili; ito ang gawain ng konsensya ng tao—ang magkaroon ng pag-aatubili at sisihin ka, kaya hindi natural na mandaya ka ng tao. Subalit matapos mong matagumpay na dayain ang isang tao, nakikita mo na ngayon ay mas marami kang pera kaysa dati, at iniisip mo na ang paraang ito ay maaaring maging mas kapaki-pakinabang para sa iyo. Sa kabila ng kaunting kirot sa iyong puso, nais mo pa ring batiin ang sarili mo sa iyong tagumpay, at nasisiyahan ka nang kaunti sa iyong sarili. Sa unang pagkakataon, sinasang-ayunan mo ang iyong sariling pagkilos, sarili mong mapandayang pamamaraan. Pagkatapos, sa sandaling mahawahan ang tao ng ganitong uri ng pandaraya, kagaya lang ito sa isang tao na nasangkot sa pagsusugal at pagkatapos ay naging isang sugarol. Sa iyong kawalang kamalayan, sinasang-ayunan mo ang iyong mapandayang gawain at tinatanggap ito. Sa iyong kawalang kamalayan, iniisip mo na ang pandaraya ay isang lehitimong gawain sa negosyo, at pinakakapaki-pakinabang na paraan para sa kaligtasan ng iyong buhay at kabuhayan; iniisip mo na sa paggawa nito maaari kang yumaman nang mabilis. Sa simula ng prosesong ito, hindi matatanggap ng mga tao ang ganitong uri

ng pag-uugali, mababa ang tingin nila sa ganitong pag-uugali. Pagkatapos personal nilang sinusubukan ang ganitong pag-uugali, at sinusubukan ito sa kanilang sariling paraan, at ang kanilang mga puso ay dahan-dahang nagbabago. Ano'ng uri ng pagbabago ito? Ito ay pagsang-ayon at pagtanggap sa kalakarang ito, sa kaisipan na ikinintal sa iyo ng kalakarang panlipunan. Hindi mo namamalayan, nadarama mo na kapag hindi ka nandaya sa negosyo malulugi ka, na kapag hindi ka nandaya mawawalan ka. Hindi mo namamalayan, ang ganitong pandaraya ang nagiging pinaka-kaluluwa mo na, ang pangunahing sandigan mo, at isang uri ng pag-uugali na lubos na kailangan na naging prinsipyo na sa iyong buhay. Matapos tanggapin ng tao ang ganitong pag-uugali at pag-iisip, hindi ba ito nagdala ng pagbabago sa kanyang puso? Ang iyong puso ay nagbago, ang karangalan mo ba ay nagbago na rin? Ang pagkatao mo ba ay nagbago? Ang konsensya mo ba ay nagbago? (Oo.) Oo, ang kabuuan ng taong ito ay sumasailalim sa isang pagbabago ng kalidad, mula sa kanilang puso hanggang sa kanilang mga pag-iisip, hanggang sa puntong sila ay nababago mula sa loob palabas. Ang pagbabagong ito ang lalong mas nagpapalayo sa iyo sa Diyos, at ikaw ay lalong mas nagiging kaayon ni Satanas, lalong mas nagiging kapareho nito.

Hinango mula sa "Ang Diyos Mismo, ang Natatangi VI" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

"Pera ang nagpapaikot sa mundo," ito ay pilosopiya ni Satanas at nangingibabaw sa buong sangkatauhan, sa bawat lipunan ng mga tao. Maaari ninyong sabihin na ito ay isang kalakaran dahil ikinintal ito sa puso ng bawat isang tao. Mula pa sa panimula, hindi tinanggap ng mga tao ang kasabihang ito, ngunit binigyan nila ito ng hayagang pagtanggap noong maranasan na nila ang tunay na buhay, at nagsimula nilang maramdaman na totoo nga ang mga salitang ito. Hindi ba ito proseso ni Satanas na ginagawang tiwali ang mga tao? Marahil hindi nauunawaan ng mga tao ang kasabihang ito sa parehas na antas, ngunit ang lahat ay mayroong magkakaibang mga antas ng interpretasyon at pagkilala sa kasabihang ito

batay sa mga bagay na nangyari sa kanilang paligid at sa kanilang mga sariling karanasan, tama? Gaano man karaming karanasan mayroon ang isang tao sa kasabihang ito, ano ang negatibong epekto na maaaring maidulot nito sa puso ng isang tao? Nabubunyag ang isang bagay sa pamamagitan ng disposisyon ng mga tao sa mundong ito, kasama na ang bawat isa sa inyo. Paano bibigyang kahulugan ang bagay na itong nahayag? Ito'y pagsamba sa salapi. Mahirap bang alisin ito mula sa puso ng isang tao? Napakahirap nito! Tila sadyang napakalalim ng pagtitiwali ni Satanas sa mga tao! Kaya naman matapos gamitin ni Satanas ang kalakarang ito upang gawing tiwali ang mga tao, paano ito nakikita sa kanila? Inaakala ba ninyo na hindi niyo kayang mamuhay sa mundong ito nang walang salapi, na kahit isang araw na walang salapi ay imposible? Ang katayuan ng mga tao ay base sa kung gaano karaming salapi mayroon sila, gayundin ang paggalang na karapat-dapat sa kanila. Ang mga likod ng mahihirap ay nakayuko sa hiya, habang nagpapakasasa ang mayayaman sa kanilang mataas na katayuan. Nakatayo sila nang tuwid at nagmamalaki, nagsasalita nang malakas at namumuhay nang may pagmamataas. Ano ba ang dinadala ng kasabihan at kalakarang ito sa mga tao? Hindi ba totoo na gagawin ng marami ang anumang sakripisyo para sa salapi? Hindi ba isinasakripisyo ng maraming tao ang kanilang dignidad at katapatan sa paghahanap ng mas maraming salapi? Higit pa rito, hindi ba marami ang mga taong nawawalan ng pagkakataon na gampanan ang kanilang tungkulin at sundin ang Diyos para lamang sa kapakanan ng salapi? Hindi ba ito kawalan para sa mga tao? (Oo.) Hindi ba't masama si Satanas sa paggamit sa pamamaraang ito at sa kasabihang ito upang gawing tiwali ang tao nang gayon? Hindi ba ito malisyosong pandaraya? Habang sumusulong ka mula sa pagtutol sa popular na kasabihang ito tungo sa pagtanggap dito bilang katotohanan sa huli, mahuhulog nang buo ang iyong puso sa kamay ni Satanas, at kung gayon ay hindi sinasadya kang namumuhay sa kasabihan. Gaano ka naapektuhan ng kasabihang ito? Maaaring alam mo ang tunay na daan, at maaari ring alam mo ang katotohanan, subalit wala kang kapangyarihang

itaguyod ito. Maaari mong malaman nang malinaw na ang mga salita ng Diyos ay katotohanan, ngunit hindi ka handang magbayad ng halaga, o magdusa upang makamtan ang katotohanan. Sa halip, mas gugustuhin mong isakripisyo ang iyong sariling kinabukasan at tadhana upang kalabanin ang Diyos hanggang sa katapus-tapusan. Anuman ang sinasabi ng Diyos, anuman ang ginagawa ng Diyos, gaano mo man mapagtanto ang lalim at kadakilaan ng pag-ibig ng Diyos para sa iyo, mananatili ka pa ring sutil sa pagsunod sa sarili mong landas at magbabayad para sa kasabihang ito. Ibig sabihin, pinapangunahan na ng kasabihang ito ang iyong pag-uugali at ang iyong mga kaisipan, at mas gugustuhin mong pangunahan nito ang iyong kapalaran kaysa isuko itong lahat. Hindi ba't inilalarawan ng pagkilos ng mga tao sa ganitong paraan, na sila ay pinangungunahan ng kasabihang ito at namamanipula nito, na mabisa ang ginagawa ni Satanas na pagpapatiwali sa mga tao? Hindi ba ito ang pag-uugat sa iyong puso ng pilosopiya at tiwaling disposisyon ni Satanas? Kung gagawin mo ito, hindi ba natamo na ni Satanas ang kanyang layunin? (Oo.) Nakikita mo ba kung paano nagawang tiwali ni Satanas ang tao sa ganitong paraan? Mararamdaman mo ba ito? (Hindi.) Hindi mo ito nakita o naramdaman. Nakikita mo ba rito ang kasamaan ni Satanas? Ginagawang tiwali ni Satanas ang tao sa lahat ng oras at sa lahat ng lugar. Ginagawang imposible ni Satanas para labanan ng tao ang katiwaliang ito at ginagawang walang-laban ang tao rito. Ginagawa ni Satanas na tanggapin mo ang mga kaisipan nito, mga pananaw nito, at ang mga masamang bagay na nagmumula rito sa mga sitwasyon na wala kang alam at kapag wala kang pagkilala sa kung ano ang nangyayari sa iyo. Buong tinatanggap ng mga tao ang mga bagay na ito. Minamahal nila at pinanghahawakan ang mga bagay na ito na parang isang kayamanan, hinahayaan nila ang mga bagay na ito na manipulahin sila at paglaruan sila; ito ang paraan kung paano lumalalim nang lumalalim ang pagtitiwali ni Satanas sa tao.

Hinango mula sa "Ang Diyos Mismo, ang Natatangi V" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ginagamit ni Satanas ang mga kalakarang panlipunan na ito upang dahan-dahang akitin ang mga tao sa pugad ng mga diablo, sa gayon ang mga taong naipit sa mga kalakarang panlipunan ay walang kamalayang nanghihikayat sa pagnanasa para sa salapi at materyal, at sa kasamaan at karahasan. Sa sandaling ang mga bagay na ito ay makapasok sa puso ng tao, nagiging ano kung gayon ang tao? Ang tao ay nagiging ang diablong si Satanas! Bakit? Ito ay dahil sa anong sikolohikal na pagkahilig sa puso ng tao? Ano ang itinataguyod ng tao? Nagsisimulang magustuhan ng tao ang kasamaan at karahasan, na hindi nagpapakita ng anumang pagmamahal sa kagandahan at kabutihan, lalo na sa kapayapaan. Hindi nakahandang isakabuhayan ng tao ang simpleng buhay ng normal na pagkatao, sa halip nais na tamasahin ang mataas na katayuan at malaking kayamanan, ang magpakasaya sa mga pagnanasa ng laman, na hindi nag-aatubiling bigyan-kasiyahan ang sarili nilang laman, nang walang mga paghihigpit, walang mga gapos na pipigil sa kanila; sa madaling salita, ginagawa ang anumang naisin nila. Kaya kapag ang tao ay nalubog sa ganitong mga uri ng mga kalakaran, makatutulong ba ang kaalaman na natutuhan mo upang palayain mo ang iyong sarili? Makatutulong ba sa iyo ang iyong pagkaunawa sa mga tradisyunal na kultura at mga pamahiin upang makatakas sa kakila-kilabot na kalagayang ito? Makatutulong ba sa kanila ang tradisyunal na moralidad at tradisyunal na seremonya na nauunawaan ng tao na magsanay ng pagpipigil? Kunin nating halimbawa ang Tatlong Klasikong Karakter. Matutulungan ba nito ang mga tao na hilahing palabas ang kanilang mga paa mula sa putikan ng mga kalakarang ito? (Hindi, hindi maaari.) Sa ganitong paraan, ang tao ay nagiging higit na mas masama, mayabang, mapagmataas, makasarili, at malisyoso. Wala nang anumang pagmamahal sa pagitan ng mga tao, wala nang anumang pagmamahal sa pagitan ng mga miyembro ng pamilya, wala nang anumang pagkakaunawaan sa mga magkakamag-anak at magkakaibigan; ang mga ugnayang pantao ay puno ng karahasan. Nais gamitin ng bawat isang tao ang mararahas na pamamaraan upang mabuhay sa gitna ng kanilang kapwa tao; sinasamsam nila ang sarili nilang kabuhayan gamit ang

karahasan; nakakamit nila ang kanilang mga posisyon at ang kanilang mga kita gamit ang karahasan, at ginagawa nila ang anumang naisin nila gamit ang mararahas at masasamang paraan. Hindi ba nakakatakot ang ganitong sangkatauhan? (Oo.)

Hinango mula sa “Ang Diyos Mismo, ang Natatangi VI” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Bagama’t maraming mga kabataan ang naniniwala sa Diyos, hindi nila matanggal sa mga sarili nila ang masasamang kaugalian ng paglalaro ng mga laro sa kompyuter at pagpunta sa mga Internet cafe. Anong uri ng mga bagay ang karaniwang nauugnay sa mga laro sa kompyuter? Naglalaman ang mga ito ng napakaraming karahasan. Ang paglalaro—ito ay lugar ng diyablo. Para sa karamihan, pagkatapos maglaro ng mga larong ito sa loob ng mahabang panahon, hindi na sila nakagagawa ng anumang tunay na gawain, hindi na nila nais na pumasok sa paaralan, o magtrabaho, o mag-isip tungkol sa kanilang kinabukasan, mas lalong hindi na nila pinag-iisipan ang kanilang mga buhay. Anong mga bagay ngayon ang nasa saloobin at kaluluwa ng karamihan sa mga kabataan sa daigdig? Ang kumain, uminom, at maglaro ng mga laro. Hindi makatao ang lahat-lahat ng sinasabi at iniisip nila. Maging ang mga mga salitang “marumi” o “masama” ay hindi na magamit ninuman upang ilarawan ang mga bagay na iniisip nila. Napakarami sa kanila ay hindi na tao. Kung kakausapin mo sila ng mga bagay na may kinalaman sa normal na pagkatao, o tatalakayin sa kanila ang isang paksang tungkol sa normal na pagkatao, hindi nila matitiis na makinig nito. Sila ay hindi interesado at hindi handang makinig, at sa sandaling marinig nila ito, iniirap nila ang kanilang mga mata at hindi ito tinatanggap nang mabuti. Hindi sila nakikibahagi sa karaniwang wika at karaniwang mga paksa kasama ang normal na sangkatauhan, ngunit kung kasama nila ang mga taong katulad nila, nakahahanap sila ng mga bagay na mapag-uusapan. Karamihan ng mga paksang tinatalakay nila ay umiikot sa paglalaro ng mga laro, pagkain, pag-inom, at pagkakaroon ng kasiyahan. Ang mga taong palaging tinatalakay ang mga paksang ito ay

pinunan ang kanilang mga puso ng ganitong mga bagay. Anong mga pagkakataon sa hinaharap ang mayroon sila? Mayroon ba silang anumang mga pagkakataon sa hinaharap? Makalalahok ba sila sa mga gawain kung saan dapat na makilahok ang mga may normal na pagkatao? Hindi na nagsisikap sa kanilang pag-aaral ang mga taong ito, at kung may isang taong maniniguro na paghihirapan nila ang kanilang trabaho, nakahanda ba silang gawin ito? Sa sandaling bigyan mo sila ng trabaho, ano ang iisipin nila? Iisipin nila, “Ano ba ang punto sa pagtatrabaho? Masyadong nakakapagod ang gawaing ito. Gaano katagal ko ito dapat gawin? Higit na mas masaya, nakakapagpaginhawa, at nakakawili ang paglalaro ng mga laro. Ano ang makukuha ko sa pagtatrabaho? Kung magtatrabaho ka, tatlong beses sa isang araw ka lang rin naman kakain, hindi ba? Hindi ko pa nakikitang dinala ka nito sa kung saanmang mabuti! Ang paglalaro ng mga laro ay mainam. Sa sandaling maupo ako sa harap ng kompyuter, mayroon na ako ng lahat ng kailangan ko. Mayroon akong isang hindi-tunay na daigdig, at sapat na sa akin na mabuhay sa loob nito!” Higit pa rito, kung pagtatrabahuhin mo sila nang mula ikasiyam ng umaga hanggang ikalima ng hapon, papupuntahin sila sa trabaho sa tamang oras, magtatrabaho sa loob ng takdang oras, ano ang mararamdaman nila tungkol dito? Magiging handa ba silang manatili sa iskedyul na iyon? Kapag palagiang naglalaro ng mga laro ang mga tao at nagsasayang ng oras sa kompyuter, naglalaho ang kalooban nila at nawawasak sila. Dahil dito, nawawala na ang kanilang normal na pagkatao. Napupunan sila ng karahasan at pagpatay sa mga larong ito at ng mga bagay sa daigdig na hindi tunay. Ang mga bagay ng normal na pagkatao ay huhubarin mula sa kanila ng mga larong ito, at mapupunan at mabibighani sila ng mga larong ito, at ang kanilang pag-iisip ay napupunan na ng mga bagay na ito. Ang mga taong ito ay nabubulok na. Hindi rin gusto ng mga hindi mananampalataya ang mga taong ito, ngunit sa kasalukuyang daigdig ng mga hindi mananampalataya, walang mapupuntahan ang mga kabataang ito. Hindi sila nagagawang pamahalaan ng kanilang mga magulang, walang magawa sa kanila ang kanilang mga guro, at walang magagawa

ang sistema ng pag-aaral ng anumang bansa tungkol sa kalakarang ito maliban sa pagsuko rito. Ginagawa ng diyablong si Satanas ang mga bagay na ito upang tuksuhin ang mga tao at sirain sila. Ang mga namumuhay sa hindi-tunay na daigdig ay walang kahit na anupamang interes sa anumang may kinalaman sa buhay ng normal na pagkatao. Sadyang wala silang kagustuhan na magtrabaho o mag-aral. Ang tanging inaalala nila ay ang pagpunta sa hindi-tunay na daigdig, na tila ba inaakit sila ng isang bagay. Sa tuwing naiinip sila o nasa gitna ng paggawa ng ilang tamang trabaho, mas ninanais nilang maglaro ng mga laro, at unti-unti, nagiging buong buhay na nila ang paglalaro. Ang paglalaro ng mga laro ay parang pag-inom ng isang uri ng gamot: Sa sandaling maging adik dito ang isang tao, magiging mahirap na ang paglayo dito at napakahirap nang huminto. Kaya bata man o matanda, sa sandaling makuha ng mga tao ang masamang ugaling ito, mahihirapan silang talikuran ito. … Kung kinakailangan ang paglalaro para sa normal na pagkatao—kung ito ang tamang landas—bakit hindi nagagawa ng mga tao na bitawan ito? Paano sila nagagawang mabighani nito sa ganitong antas? Ang hindi nito pagiging isang mabuting landas ay isang bagay na pinatutunayan nito. Ang paglalayag sa iba’t ibang pahina online para sa mga hindi nakakabuting bagay, at sa paglalaro ng mga laro—wala sa mga ito ang mabuting landas na dapat tahakin. Hindi sila mga tamang landas.

Hinango mula sa “Ang Mga Mananampalataya ay Dapat Munang Makaaninag sa Masasamang Kalakaran ng Mundo” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Madalas bang matukso ang mga tao sa kasalukuyang lipunan? Natutukso sila sa bawat kilos: Ang bawat paraan ng masasamang kalakaran, lahat ng paraan ng pananalita, lahat ng paraan ng pananaw at ideya, ang napakaraming panlilinlang at pag-akit ng iba't ibang uri ng tao, ang marami nilang demonyong mukha—tinutukso ka ng lahat ng ito. Kung hindi mo bigyan ng partikular mga katotohanan ang iyong kalooban, at kulang ka sa totoong tayog, hindi ka makakakita sa mga bagay na ito sa gayon, at bawat isa ay magiging isang patibong, isang tukso, para sa iyo.

Sa isang banda, kulang ka sa katotohanan kung kaya hindi ka makatingin sa mga satanikong mukha ng iba't ibang uri ng tao, at hindi mo sila malampasan; sa kabilang banda, kung walang katotohanang realidad, hindi mo malabanan ang bawat uri ng kalakaran ng kasamaan, masamang pananaw, at kakatuwang ideya at kasabihan. Kapag dumarating sa iyo ang mga bagay na ito, tulad sila ng biglaang taglamig, na maaaring magdulot sa iyo ng sipon, at sa pinakamalala, ay atakihin dahil sa ginaw. Kapag inatake ka dahil sa ginaw, may posibilidad na ikaw ay mamatay, at maaari mong isuko ang iyong pananampalataya. Kapag ikaw hindi mo taglay ang katotohanan, ang ilang mga salita ng satanikong kasabihan sa mundo ng mga hindi naniniwala ay lilinang sa iyo, at hahayaan kang nalilito; hindi mo malalaman kung dapat kang maniwala sa Diyos o hindi, o kung tama bang maniwala sa Diyos o hindi. Maaaring ganoon, sa patigtipon ngayon, nasa isang mabuti kang kalagayan, ngunit bukas, uuwi ka, manonood ng dalawang kabanata ng romantikong soap opera sa TV, at pagkatapos ay mahuhumaling. Sa gabi, matutulog ka at malilimutang manalangin, at ang laman lang sa iyong isip ay kung kailan lalabas ang susunod na kabanata, at pagkatapos ay patuloy mo itong panonoorin. Pagkatapos ng dalawang araw ng panonood nitong soap opera, nawala na ang Diyos sa iyong puso. Nahumaling ka nang husto sa palabas sa TV, at iniisip mo, "Kailan ako magkakaroon ng sarili kong madamdaming pag-ibig? Gagawin nitong mahalaga ang buhay ko!" Mayroon ka bang tayog kung ang dalawang kabanata ng isang palabas sa TV ay kayang baguhin ang pananaw mo? Napakabilis mong yumakap sa mga sinasabi ni Satanas. Naniniwala ka bang mayroon kang tayog para labanan ang mga masasamang kalakaran na ito? Inilagay ka ng biyaya ng Diyos sa isang punlaan. Huwag mong kalimutan kung ano ang iyong tayog: Isa kang bulaklak sa punlaan, hindi kayang labanan ang hangin at ulan. Kung hindi kayang labanan ng mga tao ang mga tuksong ito, kung hindi nila nakikita ang mga ito sa kung ano talaga sila, maaari silang agawin ni Satanas kung gayon anumang oras o sa anumang lugar—ganoon kaliit at kaawa-awa ang tayog ng mga tao. Dahil kulang ka sa katotohanang realidad, dahil hindi mo nauunawaan ang

katotohanan, lahat ng sinasabi ni Satanas ay parang lason sa iyo; sa sandaling pumasok ito sa iyong mga tainga, hindi mo ito mailalabas. Sanasabi mong hindi mo ito pakikinggan paanong hindi? Nakatira ka ba sa vacuum? Kapag narinig mo ito, hindi mo malabanan, wala kang kapangyarihang labanan ito, lumulubog ka dito. Kayang ikontrol ng mga bagay na ito ang iyong buhay, ang iyong mga iniisip, at ang iyong mga pag-uugali; makokontrol nila ang lahat sa iyo, maaari nilang pamahalaan ang buong buhay mo, at maaari ka ring pigilan sa pagpunta sa harap ng Diyos—sa anumang kalagayan, tapos na ang lahat sa iyo, at ikaw itatapon.

Hinango mula sa “Nagmumula ang Landas sa Madalas na Pagninilay-Nilay sa Katotohanan” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Bakit mo sinasabi iyon kung nais mong makaiwas sa tukso, may mga partikular na sitwasyon na hindi mo dapat pasukin at mga partikular na tao na hindi ka dapat magkaroon ng kaugnayan? Tingnan halimbawa si Job. Natakot siya sa Diyos at lumayo sa kasamaan; ganito ang uri ng tayog at realidad na tinaglay niya, kaya wala dapat siyang naging takot na mahulog sa anumang tukso. Kahit pa nga kung naroon siya sa ilang piging, hindi ganoon kadaling nakapagsalita o nakagawa siya ng anumang bagay na kasalanan laban sa Diyos. Bakit, kung gayon, hindi niya dinaluhan ang mga ito? Natakot siya sa Diyos at lumayo sa kasamaan, gumagawa ng sariling mga paraan at gumagamit ng mga pamamaraan upang dalhin ang kanyang sarili sa ilalim ng proteksyon ng Diyos, upang huwag magkasala, at huwag pagalitin ang Diyos; mayroon siyang ilang pamamaraang-pantao sa paggawa. Sa ilang sitwasyon, hindi nagagawa ng mismong tao na kontrolin ang kanyang sariling tiwaling likas, at sa mga ganito mismong sitwasyon napakalakas ng tukso upang malabanan ng sinuman. May kakayahan ang mga tao na magkasala at pagalitin ang Diyos anumang oras at sa anumang lugar. Ibig sabihin, hindi ka maiaalis mula sa tukso ng iyong pusong kulang ng takot sa Diyos, ng katiting mong pananampalataya sa Diyos, at ng katiting mong paninindigan, ni hindi ka mapipigilan ng mga ito na magkasala laban sa Diyos sa gitna ng tukso. Samakatuwid, may

ilang partikular na sitwasyon jung saan hindi mo dapat ilagay ang iyong sarili at, sa ganitong paraan, hindi ka matutukso.

Hinango mula sa “Para Malutas ang Tiwaling Disposisyon ng Isang Tao, Dapat na Mayroon Siyang Tiyak na Landas ng Pagsasagawa” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ginagampanan ninyo ngayon ang inyong mga tungkulin sa sambahayan ng Diyos at, sa kapaligirang ito, ang magkakapatid ay palaging magkakasama, yaong mga nasa paligid ninyo ay mga sumasampalatayang lahat, at maaari kayong maniwala sa Diyos dito nang buong katapatan. Kung ikaw ay mag-isang kinuha at dinala sa gitna ng mga hindi sumasampalataya at tinulot na makasama mo sila, magagawa mo pa rin bang taglayin ang Diyos sa iyong puso? (Hindi.) Kaya ano ang sasapuso mo? Kung makakasama mo sila, hindi ka ba kung gayon madaling magiging lubos na kagaya nila? Sasabihin mo kung gayon: “O Diyos, ako ay ingatan!” At iisipin mo: Walang problema, iniingatan ako ng Diyos. “O Diyos, ako ay bantayan!” At muli mong iisipin: Babantayan ako ng Diyos. Kapag nakagagawa ka ng maliit na pagkakamali, sinasabi mong: “O Diyos, pakiusap ako ay patawarin, ginawa ko ang kamaliang ito.” Maaari kang manalangin sa ganitong paraan sa kasalukuyan, at mananalangin bukas sa gayong paraan, at sa paglipas ng panahon, hindi namamalayang wala kang mararamdamang paninisi, halos walang anumang mararamdaman, at ikaw ay magtataka: “Diyos? Anong Diyos? Bakit hindi ko pa nakita ang Diyos?” Magbabago ka, hindi ba? Nagbabago ka nang paunti-unti, at bubulayin mo: “Bakit napakahangal ko noong una? Paanong ang gayong kadakilang tao na kagaya ko ay nakasama ang hangal na matatandang sintu-sinto at matatandang babae, kasama ng ilang hangal na mga bababe at ng ilang mga tao na hindi tanggap ng lipunan? Paano ako naging napakahangal?” Bakit ka nagbabago nang napakadali? Sa totoo lang, hindi sa nagbabago ka lamang sa panahong iyon, hindi sa wala kang realidad ng katotohanan sa ngayon, at hindi mo pa pinurga ang sarili mo sa mga kaisipan, mga disposisyon, pagkaunawa at mga pananaw na nauukol sa mundo at kay Satanas. Ang mga bagay na ito ay nasa loob mo

pa rin at umaasa ka pa rin sa mga ito upang mabuhay; nangyari lamang na ikaw ngayon ay nasa sambahayan ng Diyos. Mula sa panlabas, tila ikaw ay naniniwala sa Diyos at ginagampanan ang iyong tungkulin, ngunit sa totoo ang tiwaling mga disposisyon at mga pananaw at ang mga kaisipan ni Satanas sa loob mo ay hindi pa napurga. Kaya ang iyong tayog ay napakaliit, ikaw ay nasa mapanganib na yugto pa rin, hindi pa rin nakatitiyak at hindi ligtas. Kailangan mo munang mapagtanto kung alin sa mga bagay ang masama, kung ano ang mga panganib sa mga ito, kung bakit ginagawa ito ni Satanas, kung anong mga pagbabago ang nangyayari sa loob ng mga tao na tinatanggap ang mga bagay na ito, kung anong mga lason ang madaling kumapit sa kanila, kung ano ang kanilang masusulingan, kung anong uri ng tao ang kinakailangan ng Diyos na maging ang tao, alin sa mga bagay ang ukol sa normal na pagkatao, alin ang mga positibo at alin ang mga negatibo. Sa bahaging negatibo, dapat mong mapagtanto ang mga bagay na ito. Sa bahaging positibo, dapat kang aktibo at positibong nakikipagtulungan sa paggawa ng iyong tungkulin, ialay ang iyong pagkamatapat, ialay ang iyong katapatan, huwag maging oportunista o nakikibahagi sa panlilinlang, huwag gagamitin ang mga pamamaraan ng mga hindi sumasampalataya upang gawin ang iyong tungkulin, at huwag gagamitin ang mga pamamaraan o ang mga pilosopiya ng mga hindi sumasampalataya sa pamamaraan mo sa iyong tungkulim o sa mga gampanin na ibinigay sa iyo. Kung gayon dapat kang pumasok sa lahat ng mga aspeto ng katotohanan at dahan-dahang kamtin ang isang pagkaunawa na may kaugnayan sa Diyos at sa Kanyang disposisyon. Sa ganitong paraan sasailalim ka nang hindi mo namamalayan sa isang pagbabago sa loob: Magkakaroon ng mas maraming positibong mga bagay sa loob mo, at mas kaunting mga negatibong mga bagay; magkakaroon ng mas maraming pagiging maagap at kaunting kawalang kibo sa loob mo. At ikaw rin ay magiging mas nakauunawa kaysa dati. Kapag ang iyong tayog ay lumago sa antas na ito, ang iyong kakayahan na maunawaan ang mga ugnayan sa panlabas na mundo, ang mga ugnayan sa mundo, ay lumalago na. Halimbawang nanonood ka ng cartoon,

magagawa mong makita kung anong uri ng mga lason ang maipapasa nito sa kanila na pinanonood ito, kung anong mga bagay ang ninanais ni Satanas na palaganapin sa mga tao at anong ukol sa tao ang sisirain sa pamamagitan ng ganitong pamamaraan at ganitong kalakaran. Dahan-dahan mong magagawang ganap na maunawaan ang mga bagay na ito. Magagawa mo na kung gayong manood ng isang cartoon nang hindi nalalason, at ang iyong pagkakilala ay lalago bilang isang resulta. Sa pagdating ng panahong iyon saka ka lamang magkakaroon ng tunay na tayog.

Hinango mula sa “Ang Mga Mananampalataya ay Dapat Munang Makaaninag sa Masasamang Kalakaran ng Mundo” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Madaling sumunod sa masasamang kalakaran ng mundo, sumunod sa sarili mong tiwaling disposisyon patungo sa kasiraan. Hindi madali ang hangaring maging isang tao na may katotohanang realidad, isang may diwa ng katarungan at konsiyensiya at katwiran, at kakailanganin mong magdusa nang higit bago mo ito makamit. Gayunman, kung nakapagpasya ka nang gawin ito, at mahal mo ang mga positibong bagay; kung taglay mo kapwa ang puso at espiritu, at isa kang kapita-pitagang tao, mararamdaman mong sulit na pagdusahan ang pasakit na ito, at hindi mo ito katatakutan. Kung hindi mo mahal ang mga positibong bagay, bagkus ay ang masasamang kalakaran at mga bagay na mahal ng mga makamundong tao, ang pagtatamo marahil ng katotohanan ay tila magiging mahirap para sa iyo, at maaaring hindi ka nahahandang pagdusahan ang ganoong pasakit, iniisip na hindi sulit na paghirapan ito. Ito ay dahil wala kang matatamong anuman—walang salapi, walang mga gantimpala—at ang pakinabang sa harapan mo ay magiging lingid sa iyo. Hindi ba’t ito ang kalagayan ng pag-iisip ng mga hindi mananampalataya? Ang laging pagkagustong tumambad sa harap nila ang materyal na pakinabang ang kalagayan ng isip ng mga hindi mananampalataya. Nalagay na ba kayo kahit kailan sa ganitong mga kalagayan? Kung nalagay man ang mga tao sa ganitong mga kalagayan, dapat alam nilang

magnilay-nilay at maunawaan ang mga kalagayang ito, at pagkaraan ay tanggapin ang pagkalantad at pagsusuri ng Diyos, tanggapin ang Kanyang paghatol at pagkastigo. Sa tampalasang kapanahunang ito, hindi madaling maging mabuting tao na namumuhay kasama ang gayong masasamang kalakaran; hindi rin madaling maging isang may diwa ng katarungan, at mas mahirap pa rin na maging isang may katotohanang realidad, at ang maging isang may takot sa Diyos at iniiwasan ang kasamaan ay mas mahirap pa rin! Nakabatay ito sa pagpapasya ng tao na pagdusahan ang sakit, at kung hanggang saan ang saklaw ng pagmamahal nila sa mga positibong bagay, katarungan, kainaman, at katuwiran. Kung katamtaman ang saklaw ng pagmamahal ng puso mo sa mga bagay na ito, iisipin mong, “Mainam mayroon man o wala ako ng mga bagay na ito. Ang mabuhay sa mundo ay hindi nangangahulugang mamamatay rin naman ako. Bukod pa rito, hindi nagpapahirap sa aking buhay ang pagsunod sa masasamang kalakaran. Hindi ba’t mainam ang mamuhay nang ganito? Paano man ako mabuhay, mabubuhay pa rin ako!” Kung ito ang uri ng pag-iisip na mayroon ka, baka hindi mo magawang sumulong. Ibig sabihin, hindi napakatibay ng iyong pagpapasyang pagsikapang makamit ang katotohanan, at hindi rin naman napakatibay ang iyong sigasig na mahalin ang mga positibong bagay at maging isang tao na may diwa ng katarungan, kaya posibleng hindi mo matamo ang katotohanan. Ngunit hindi mangyayari na walang makapagtatamo nito; nakabatay ito sa kung paano pinagsisikapan ng bawat tao na makamit ito, at sa kanilang sigasig. Gaano katibay ang iyong sigasig? Gaano kalalim ang iyong pag-unawa sa tampalasang mundong ito at masamang sangkatauhan? Gaano kalalim mo naranasan ang pagkaalipin, mga tanikala at pinsala ng iyong tiwaling disposisyon? Gaano kalaki ang iyong pagmamahal at pag-asam sa mga positibong bagay? Napakaliit ng inyong paghahangad—isang puwing ng pananabik sa inyong mga puso. Ngunit ang pananabik ay hindi katulad ng pag-ibig, at ang gayong pag-ibig ang siyang dapat mong makamit. Hindi rin naman ito madali. Kung makakaya mong tunay na magmahal at maghangad sa mga bagay na ito mula sa kaibuturan ng iyong puso, tanggapin ang paghatol at

pagkastigo habang hinahangad ang katotohanan, at magawang isuko ang iyong mga pansariling kapakinabangan, kung gayon ay hindi ka gaanong mag-aalalang magdusa ng gayong sakit o magbayad ng ganoong halaga sa kabuuan ng proseso. Kung katamtaman ang saklaw ng pagmamahal mo para sa mga positibong bagay, makararamdam ka ng pagsisisi kapag tinalikdan mo na ang mga bagay na ito. Hindi mo maaatim na gawin ito, at napakahirap isuko ng mga ito. Isiping mabuti ang lahat ng ito, at hinihingi nito na gumawa ka ng pagtataya. Pagtataya ng ano? Kung ano ang iyong ipinakikita at ipinahahayag sa lahat ng bagay; kung paano ka kumilos; kung ano ang nasa puso mo kapag nahaharap sa mga positibong bagay; kung paano mo sila dinudulog; ang uri ng pag-uugali na taglay mo; kung nakatuon ba ang iyong puso; kung paano tumutugon ang iyong puso kapag nahaharap sa masasamang kalakaran o masasamang taong gumagawa ng masasamang bagay; kung paano mo sila pinapakitunguhan; kung gusto mo ba sila, pinagsisilbihan sila at pinananabikan sila, o kung itinutulak mo ang iyong sarili sa kanila, o kung hindi mo kayang isantabi sila, o kung kinamumuhian mo sila at nasusuklam ka sa kanila; kung anong uri ng tao ka—ito ang mga bagay na maibubunyag sa iyong pagtataya. At ano ang gagawin mo pagkatapos mong magawa ang pagtatayang ito? Dapat mong ituwid ang iyong sarili at magsikap na makamit ang mga positibong bagay at ang katotohanan.

Hinango mula sa “Yaon Lamang Mga Nagsasagawa ng Katotohanan ang May Takot sa Diyos” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Mas nagiging tila isang mundo ito ng saya at karingalan; naaakit dito ang puso ng lahat ng tao, at maraming taong nabitag at hindi mapalaya ang kanilang sarili mula rito; napakaraming malilinlang ng mga nakikibahagi sa pandaraya at salamangka. Kung hindi ka magpupunyaging umunlad, wala kang mga mithiin, at hindi ka nakaugat sa tunay na daan, matatangay ka ng lumalaking mga alon ng pagkakasala. Ang Tsina ang pinakapaurong sa lahat ng bansa; ito ang lupain kung saan nakapulupot ang malaking pulang dragon, narito ang pinakamaraming taong

sumasamba sa mga diyus-diyusan at nakikibahagi sa salamangka, may pinakamaraming templo, at ito ang lugar kung saan naninirahan ang maruruming demonyo. Isinilang ka nito, tinuruan nito at nakalubog sa impluwensya nito; nagawa ka nitong tiwali at pinahirapan nito, ngunit nang magising ka ay tinalikuran mo ito at lubos kang naangkin ng Diyos. Ito ang kaluwalhatian ng Diyos, at ito ang dahilan kaya ang yugtong ito ng gawain ay may malaking kabuluhan. Nakagawa ang Diyos ng napakalawak na gawain, nakasambit ng napakaraming salita, at sa huli ay lubos Niya kayong maaangkin—ito ay isang bahagi ng gawain ng pamamahala ng Diyos, at kayo ang "mga samsam ng tagumpay" ng pakikibaka ng Diyos kay Satanas. Habang lalo ninyong nauunawaan ang katotohanan at napapabuti ang inyong buhay sa iglesia, lalong napapanikluhod ang malaking pulang dragon. Lahat ng ito ay mga bagay ng espirituwal na mundo—ito ang mga pakikibaka ng espirituwal na mundo, at kapag nagtagumpay ang Diyos, mapapahiya at babagsak si Satanas. Ang yugtong ito ng gawain ng Diyos ay may napakalaking kabuluhan. Gumagawa ang Diyos nang gayon kalawak at lubos na inililigtas ang grupong ito ng mga tao upang makatakas ka mula sa impluwensya ni Satanas, manirahan sa bayang banal, mabuhay sa liwanag ng Diyos, at mapamunuan at mapatnubayan ng liwanag. Kung gayon ay may kahulugan ang iyong buhay. Ang inyong kinakain at isinusuot ay kaiba sa mga hindi sumasampalataya; tinatamasa ninyo ang mga salita ng Diyos at nabubuhay nang makahulugan—at ano ang kanilang tinatamasa? Tinatamasa lamang nila ang "pamana ng kanilang mga ninuno" at ang kanilang "diwa ng bansa." Wala sila ni katiting na bakas ng pagkatao! Lahat ng inyong damit, salita, at kilos ay naiiba sa kanila. Sa bandang huli, lubos ninyong matatakasan ang karumihan, hindi na kayo mabibitag sa tukso ni Satanas, at magtatamo kayo ng araw-araw na panustos ng Diyos. Dapat kayong maging maingat palagi. Bagama't nabubuhay kayo sa isang maruming lugar, wala kayong bahid ng karumihan at maaaring mabuhay sa tabi ng Diyos, na tumatanggap ng Kanyang dakilang proteksyon. Hinirang kayo ng Diyos mula sa lahat lahat ng tao sa dilaw na lupaing ito. Hindi ba

kayo ang pinakamapalad na mga tao? Isa kang nilalang—mangyari pa ay dapat mong sambahin ang Diyos at mamuhay nang makahulugan. Kung hindi mo sasambahin ang Diyos kundi mamumuhay ka ayon sa iyong maruming laman, hindi ba isang hayop ka lamang na nakasuot ng damit ng tao? Dahil isa kang tao, dapat mong gugulin ang sarili mo para sa Diyos at tiisin ang lahat ng pagdurusa! Dapat mong tanggapin nang masaya at may katiyakan ang kaunting pagdurusang pinagdaraanan mo ngayon at mamuhay ka nang makahulugan, kagaya nina Job at Pedro. Sa mundong ito, isinusuot ng tao ang damit ng diyablo, kinakain ang pagkaing nagmumula sa diyablo, at gumagawa at naglilingkod sa ilalim ng impluwensya ng diyablo, ganap na natatapakan sa karumihan nito. Kung hindi mo nauunawaan ang kahulugan ng buhay o natatamo ang tunay na daan, ano ang kabuluhan sa pamumuhay nang ganito? Kayo ay mga taong patuloy na naghahanap sa tamang landas, yaong mga naghahangad ng paglago. Kayo ay mga taong naninindigan sa bansa ng malaking pulang dragon, yaong mga tinatawag na matuwid ng Diyos. Hindi ba iyon ang pinakamakahulugang buhay?

Hinango mula sa “Pagsasagawa (2)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

149. Ang mga Prinsipyo Kung Paano Pakikitunguhan ang mga Kapistahan at mga Kaugaliang Panlipunan

(1) Nagmula sa tiwaling sangkatauhan ang mga tradisyunal na kaugaliang panlipunan. Ito ay mga pandarayang ginagamit ni Satanas sa tao, at hindi itinalaga ng Diyos;

(2) Hindi dapat sumunod o magbigay ng gaanong pansin ang mga mananampalataya ng Diyos sa mga kaugaliang panlipunan ng tiwaling sangkatauhan. Sa halip, dapat nilang itaguyod ang mga positibong bagay at hayaan ang katotohanang lumago at ihayag ang karilagan nito;

(3) Pinahihintulutan ang pagiging masaya sa angkop na paraan kapag nagdiriwang ng kapistahan, ngunit hindi dapat hayaan ng isang tao na hadlangan nito ang maayos na gawain ng pagganap sa kanilang tungkulin.

(4) Sa pagpunta mo sa iba’t-ibang lugar upang gampanan ang iyong

tungkulin, sundin ang mga lokal na kaugaliang panlipunan ng bawat lugar at makiangkop sa iyong kapaligiran. Subalit, huwag hahayaang pagharian ka ng mga bagay na iyon.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang kinasusuklaman ng Diyos nang higit sa lahat ay ang mga mapamahiing gawain ng mga tao, ngunit marami pa ring mga tao ang hindi kayang bumitiw sa mga iyon, iniisip na ang mga mapamahiing gawaing ito ay iniatas ng Diyos, at kahit ngayon ay hindi pa lubusang nabibitawan ang mga iyon. Ang mga bagay na kagaya ng isinasaayos ng mga kabataan para sa mga handaan sa kasal at panggayak sa mga babaeng ikakasal; mga regalong pera, mga salu-salo, at katulad na mga pamamaraan ng pagdiriwang ng masasayang okasyon; mga sinaunang pormula na ipinamana; ang lahat ng walang-kabuluhang mapamahiing gawain na isinasagawa para sa mga patay at seremonya ng paglilibing sa kanila: higit pang kinamumuhian ng Diyos ang lahat ng ito. Kahit ang araw ng pagsamba (pati na ang Sabbath, na ipinapangilin ng mundo ng relihiyon) ay kinamumuhian Niya; at lalo pang higit na kinamumuhian at tinatanggihan ng Diyos ang kaugnayang panlipunan at makamundong pag-uugnayan ng lalaki sa lalaki. Hindi iniatas ng Diyos kahit na ang Pista ng Tagsibol at Araw ng Pasko na alam ng lahat ng tao, lalo na ang mga laruan at dekorasyon para sa magarbong mga kapistahang ito tulad ng mga pulang pabiting may tula, mga paputok, mga parol, Banal na Komunyon, mga regalo sa Pasko, at mga pagdiriwang sa Pasko—hindi ba mga idolo sa isipan ng mga tao ang mga ito? Ang pagpipira-piraso ng tinapay sa araw ng Sabbath, alak, at pinong lino ay mas mariin na mga idolo. Ang lahat ng iba’t ibang tradisyonal na araw ng kapistahan na kilala sa China, tulad ng Araw ng Pagtataas ng mga Ulo ng Dragon, Pista ng mga Bangkang Dragon, Pista sa Kalagitnaan ng Taglagas, Pista ng Laba, at Araw ng Bagong Taon, at ang mga pista sa mundo ng relihiyon tulad ng Pasko ng Pagkabuhay, Araw ng Pagbibinyag, at Araw ng Pasko, ang lahat ng di-makatwirang pistang ito ay isinaayos at ipinamana mula noong unang panahon hanggang sa kasalukuyan ng maraming tao. Ang mayamang

imahinasyon at malikhaing ideya ng sangkatauhan ang nagtulot na maipasa ang mga ito hanggang sa ngayon. Ang mga iyon ay tila walang kapintasan, ngunit sa katunayan ay mga panlilinlang ni Satanas sa sangkatauhan. Kapag mas higit na pinagtitipunan ng mga Satanas ang isang lokasyon, at kapag mas lipas at paurong ang lugar na iyon, mas isinasagawa ang mga pyudal na kaugalian nito. Ang mga bagay na ito ay nagbibigkis sa mga tao nang mahigpit, na hindi na sila makakilos. Tila nagpapakita ng lubhang pagiging orihinal ang marami sa mga pista sa mundo ng relihiyon at tila lumilikha ng isang tulay sa gawain ng Diyos, ngunit ang mga iyon sa katunayan ay hindi-nakikitang mga tali ni Satanas na gumagapos sa mga tao upang hindi makilala ang Diyos—ang lahat ng mga ito ay tusong panlalansi ni Satanas. Sa katunayan, kapag ang isang yugto ng gawain ng Diyos ay tapos na, nawasak na Niya ang mga kasangkapan at estilo ng panahong iyon na walang iniiwang anumang bakas. Gayunman, ang "matatapat na mananampalataya" ay patuloy na sinasamba ang mga nahihipong materyal na mga bagay na iyon; samantala, isinasantabi nila sa kanilang mga isipan ang kung anong mayroon ang Diyos, hindi na ito pinag-aaralan pa, tila ba puno ng pag-ibig sa Diyos ngunit ang totoo ay matagal na nila Siyang itinulak palabas ng bahay at inilagay si Satanas sa hapag upang sambahin. Ang mga larawan ni Jesus, ang Krus, si Maria, ang Bautismo ni Jesus at ang Huling Hapunan—ang lahat ng ito ay sinasamba ng mga tao bilang Panginoon ng Langit, habang paulit-ulit na sumisigaw ng "Panginoon, Ama sa langit." Hindi ba biro ang lahat ng ito? Hanggang ngayon, kinapopootan ng Diyos ang maraming katulad na mga pananalita at pagsasagawa na ipinamamana ng sangkatauhan, seryosong hinahadlangan ng mga iyon ang daan tungo sa Diyos at, higit pa rito ay nagiging malalaking sagabal sa pagpasok ng sangkatauhan. …

Ang pinakamahusay na paraan upang baguhin ang disposisyon ng tao ay ang pagalingin ang mga bahagi sa kaibuturan ng mga puso ng mga tao na pinakamatinding nalason, na nagpapahintulot sa mga tao na magsimulang baguhin ang kanilang pag-iisip at moralidad. Una sa lahat,

kailangang malinaw na makita ng mga tao na ang lahat ng seremonyang ito ng relihiyon, mga relihiyosong gawain, mga taon at mga buwan, at mga pista ay kinasusuklaman ng Diyos. Dapat silang lumaya mula sa mga gapos na ito ng pyudal na pag-iisip at wasakin ang bawat bakas ng kanilang malalim na pagkahilig sa pamahiin. Ang lahat ng ito ay kasama sa pagpasok ng sangkatauhan. Dapat ninyong maunawaan kung bakit pinangungunahan ng Diyos ang sangkatauhan palabas sa sekular na mundo, at muli kung bakit Niya inaakay ang sangkatauhan palayo sa mga patakaran at mga alituntunin. Ito ang pintuan kung saan kayo papasok, at kahit walang kinalaman ang mga bagay na ito sa inyong espirituwal na karanasan, ang mga ito ang pinakamatinding mga bagay na humaharang sa inyong pagpasok, at humahadlang sa inyong pagkilala sa Diyos. Bumubuo ang mga iyon ng isang lambat na humuhuli sa mga tao.

Hinango mula sa “Gawain at Pagpasok (3)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ano ang saklaw ng tradisyunal na kultura? Kasama ba rito ang mga kapistahan na ipinagdiriwang ng mga tao? Halimbawa, ang Pagdiriwang ng Tagsibol, ang Kapistahan ng mga Parol, Araw ng Paglilinis ng Puntod, ang Pista ng Bangkang Dragon, gayundin ang Kapistahan ng mga Multo at Pagdiriwang ng Kalagitnaan ng Taglagas. Ang ilang pamilya ay nagdiriwang pa nga kapag ang mga nakatatanda ay dumating na ng isang tiyak na edad, o kapag ang mga bata ay nakaabot na ng isang buwan o 100-araw na gulang. At marami pa. Ang lahat ng ito ay tradisyunal na mga kapistahan. Hindi ba ang mga batayan ng mga kapistahang ito ay tradisyunal na kultura? Ano ang kaibuturan ng tradisyunal na kultura? Mayroon ba itong anumang kaugnayan sa pagsamba sa Diyos? Mayroon ba itong anumang kinalaman sa pagsasabi sa mga tao na isagawa ang katotohanan? Mayroon bang anumang mga kapistahan para sa mga tao upang mag-alay ng sakripisyo sa Diyos, magtungo sa altar ng Diyos at tanggapin ang Kanyang mga turo? Mayroon bang ganitong mga kapistahan? (Wala.) Ano ang ginagawa ng mga tao sa lahat ng mga kapistahang ito? Sa modernong panahon, ang mga ito ay nakikita bilang

mga okasyon para sa pagkain, pag-inom, at kasiyahan. Ano ang pinagmumulan sa likod ng tradisyunal na kultura? Kanino nanggaling ang tradisyunal na kultura? (Kay Satanas.) Ito ay mula kay Satanas. Sa likod ng mga tradisyunal na kapistahang ito, itinatanim ni Satanas ang mga bagay sa tao. Ano ang mga bagay na ito? Ang pagtitiyak na natatandaan ng mga tao ang kanilang mga ninuno—ito ba ay isa sa mga ito? Halimbawa, sa Araw ng Paglilinis ng Puntod, naglilinis ang mga tao ng mga nitso at nag-aalay ng mga sakripisyo sa kanilang mga ninuno, upang hindi malimutan ang kanilang mga ninuno. Dagdag pa rito, sinisiguro ni Satanas na naaalala ng mga tao na maging makabayan, halimbawa na ang Pista ng Bangkang Dragon. Ano naman ang sa Pagdiriwang ng Kalagitnaan ng Taglagas? (Mga muling pagsasama-sama ng pamilya.) Ano ang karanasan sa likod ng mga pagsasama-sama ng pamilya? Ano ang dahilan para dito? Ito ay upang makisalamuha at para sa emosyonal na pakikipag-ugnayan. Siyempre, maging ito man ay pagdiriwang ng Bagong Taon ng mga Tsino o ng Kapistahan ng mga Parol, maraming paraan ng paglalarawan ng mga dahilan sa likod ng mga pagdiriwang na ito. Paano man inilalarawan ang mga dahilan na iyon, ang bawat isa ay siyang paraan ni Satanas ng pagtatanim ng pilosopiya nito at ng pag-iisip nito sa mga tao, upang lumayo sila sa Diyos at hindi na malaman na mayroong Diyos, at mag-alay sila ng mga sakripisyo sa kanilang mga ninuno o kay Satanas, o kumain, uminom, at magsaya para sa kapakanan ng pagnanasa ng laman. Habang ipinagdiriwang ang bawat isa sa mga kapistahang ito, ang mga kaisipan at pananaw ni Satanas ay natatanim nang malalim sa isip ng mga tao na hindi nila nalalaman. Kapag dumating ang mga tao sa mga edad na apatnapu, limampu o higit pa, ang mga kaisipang ito at ang mga pananaw ni Satanas ay nakaugat na nang malalim sa kanilang mga puso. Higit pa rito, ginagawa ng mga tao ang lahat ng magagawa nila upang maibahagi ang mga ideyang ito, maging tama man ito o mali, papunta sa susunod na henerasyon nang walang pasubali, nang walang pag-aatubili. Tama ba ito? (Oo.) Paanong ginagawang tiwali ang mga tao ng tradisyunal na kultura at ng mga kapistahang ito? Alam ba ninyo? (Nakukulong ang mga tao at

napipigilan ng mga alituntunin ng mga tradisyong ito hanggang wala na silang oras o lakas na hanapin ang Diyos.) Ito ay isang aspeto. Halimbawa, nagdiriwang ang lahat sa Bagong Taon ng mga Tsino—kung hindi mo ito ipinagdiwang, di ba't malulungkot ka? Mayroon bang mga pamahiin na pinanghahawakan mo sa iyong puso? Hindi mo ba mararamdamang, "Hindi ako nagdiwang ng Bagong Taon, at dahil ang Bagong Taon ng mga Tsino ay hindi kanais-nais na araw para sa akin, hindi ba't ang buong taon na ito ay hindi magiging maganda"? Hindi ba't sasama ang pakiramdam mo at medyo matatakot? Mayroon pa ngang ilang tao na hindi nakagawa ng mga sakripisyo sa kanilang mga ninuno sa loob ng ilang taon at bigla silang nagkaroon ng panaginip kung saan ang isang namatay nang tao ay humihingi sa kanila ng salapi. Ano ang mararamdaman nila? "Nakakalungkot na ang namayapang taong ito ay nangangailangan ng salapi para gastusin! Magsusunog ako ng pera ng espiritu para sa kanila. Kapag hindi ko ginawa ito, hindi iyon magiging tama. Maaaring magdulot ng kaguluhan para sa ating nabubuhay—sino ang makapagsasabi kung kailan aatake ang trahedya?" Palagi silang magkakaroon ng ganitong maliit na ulap ng takot at pangamba sa kanilang mga puso. Sino ang nagbibigay sa kanila ng pangambang ito? (Si Satanas.) Si Satanas ang pinagmumulan ng pag-aalalang ito. Hindi ba ito ang isa sa mga paraan na ginagawang tiwali ni Satanas ang tao? Gumagamit ito ng iba't ibang pamamaraan at dahilan upang pigilan ka, upang takutin ka, at upang igapos ka, hanggang mahuhulog ka sa kalituhan at padadaig at magpapasakop dito; ganito ginagawang tiwali ni Satanas ang tao. Kadalasan, kapag ang mga tao ay mahina o kapag hindi sila lubusang may kamalayan sa sitwasyon, maaari silang gumawa ng isang bagay na hindi sinasadya sa isang paraang mangmang, iyon ay, walang-malay silang mahuhulog sa galamay ni Satanas at maaari rin silang gumawa ng isang bagay na hindi nila sinasadya at hindi nila alam ang kanilang ginagawa. Ito ang paraan na ginagawang tiwali ni Satanas ang mga tao. Mayroon pa ngang ilang tao ngayon na nag-aatubiling humiwalay sa naka-ugat nang tradisyunal na kultura, na sadyang hindi kayang isuko ito. Ito ay lalo na kapag sila ay

nanghihina at walang kibo kaya't nais nilang ipagdiwang ang ganitong mga uri ng kapistahan at nais nilang makadaupang-palad si Satanas at pasayahing muli si Satanas, upang aliwin ang kanilang mga puso. Ano ang nasa likod ng tradisyunal na kultura? Hinihila ba ng itim na kamay ni Satanas ang mga tali sa likod ng mga pangyayari? Ang masamang likas ba ni Satanas ay nagmamanipula at pumipigil sa mga bagay? Pinangingibabawan ba ni Satanas ang lahat ng bagay na ito? (Oo.) Kapag naninirahan ang mga tao sa isang tradisyunal na kultura at nagdiriwang ng ganitong mga uri ng tradisyunal na kapistahan, maaari ba nating sabihin na ito ay isang kapaligiran kung saan sila ay nililinlang at ginagawang tiwali ni Satanas, at dagdag pa rito, na sila ay masaya na malinlang at gawing tiwali ni Satanas? (Oo.) Ito ay isang bagay na kinikilala ninyong lahat, na alam ninyong lahat.

Hinango mula sa "Ang Diyos Mismo, ang Natatangi V" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Mga masasamang kalakaran at kasiyahan ng kasalanan ang ilang mga bagay na kinagigiliwan ng tiwaling sangkatauhan. Lubos silang walang pakahulugan, at higit pa rito, walang katuturan at nakapagpapababa. Isinuko mo na ba ang mga bagay na iyon, o nabubuhay pa rin sa loob nila? Halimbawa, ang sekular na kapistahan ng Valentine's Day, o Halloween—ipinagdiriwang mo pa ba ang mga ito? Hindi kasang-ayon sa katotohanan ang mga kapistahang ito, at magagawa lamang nila na lalo pang tiwali ang mga tao. Kung hindi sila mapapabayaan ng isang tao, ipinapakita lamang noon na wala silang Diyos sa kanilang puso. Magagawang pabayaan ang mga ito ng mga taong hindi mahilig sa kanila. Mapipigilan nila ang kanilang sarili na sumunod sa mga kalakaran ng sanlibutan at pagsikapan lamang ang buhay ng normal na pagkatao. Hindi natin gusto iyong lahat na kinahihiligan ng tiwaling sangkatauhan. Nilalayuan natin ang mga bagay na ito. Kapag nakikita natin ang mga ito, naaalibadbaran, nasusuka, at namumuhi tayo. Wala silang kabuluhan.

Ngunit gusto ng lahat ng mga hindi mananampalataya ang mga bagay na iyon—lahat sila'y nabubuhay sa loob nito at nararamdaman nilang napaka-kasiya-siya, sunod sa uso, napakatayog at kamangha-mangha ang mga ito. Ano ang ipinapakita nito? Hindi ba nito ipinapakita na marumi ang kanilang mga espiritu? May mga kapistahan kung kailan nagpapadala ang mga tao ng ilang uri ng bulaklak—may kabuluhan bang gumawa ng mga bagay na ganito? Sadyang walang kabuluhan ito. Inaayawan natin ang mga ganitong bagay, at nararapat tayong magtatag ng bagong uri ng buhay dahil nananampalataya tayo sa Diyos. Maaaring magkaroon ng sarili nilang istilo ng pamumuhay ang mga hindi mananampalataya, at tayo nama'y magkakaroon ng sarili nating istilo ng pamumuhay. Napagyayaman ang ating buhay dahil nauunawaan natin ang maraming katotohanan at magagawa natin ang mga bagay na makabuluhan, mga bagay na kasang-ayon sa kalooban ng Diyos. Maraming mga tao ang walang pagpapahalaga sa buhay ng mga hindi mananampalataya, ngunit wala rin naman silang bagong buhay, kaya't nararamdaman nilang nakakabagot ang kanilang mga buhay. Kung nauunawaan nila ang ilang mga katotohanan, malalaman nila kung ano ang mga makabuluhang mga bagay na kailangan nilang gawin at pipiliing gawin ang ilang mga makabuluhang bagay. Ano ang mga bagay na magpapahintulot sa mga tao na dumanas ng pagkakaiba-iba sa kanilang mga buhay, na mamuhay ng ganap, may kasiyahan at malugod? Kapag ginagawa natin ang mga gayong bagay na makabuluhan gaya ng pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, pagbabahagi sa katotohanan, at pag-awit ng mga himno ng papuri sa Diyos, halimbawa na, nararamdaman nating nabubuhay tayo ng napakasaya at mas mabuti kaysa sa mga hindi mananampalataya. Hangga't mapagsisikapan natin ang kalooban ng Diyos sa lahat ng mga bagay na may kinalaman sa katotohanan at makakamit ang pagsunod sa Diyos, kung gayon ito ang kawangis ng isang nagkamit ng kaligtasan. Ang pagkakaroon ng wangis ng isang nagkamit ng kaligtasan ay nangangahulugang inaangkin ng isang tao ang normal na buhay, buhay ng pagsunod at pagsamba sa Diyos. Kung gayon maaaring magkaroon ang

mga tao ng tunay na kaligayahan at kasiyahan sa kanilang puso. Nakakamit natin ang kaligayahan at kasiyahan sa pamamagitan ng pag-unawa sa katotohanan at pagganap dito, at nagtitiwala tayo sa pamumuhay sa harapan ng Diyos para sa tunay na kasiyahan sa ating puso. Higit na dakila at nakapagbibigay ng lugod ang kasiyahang ito kaysa sa pamumuhay sa kasalanan at pagtamasa sa mga kasiyahan ng kasalanan. Mababaw ang kasiyahan ng pamumuhay sa kasalanan, at ito'y hungkag sa espiritu at masakit. Mga kasiyahang nasa kailaliman ng puso at nagbibigay ng kaaliwan ang kaluguran sa mga salita ng Diyos, pamumuhay sa loob nila, pagganap sa katotohanan, at pagbibigay lugod sa Diyos. Ito ang dahilan kung bakit habang lalo pang nagagampanan ng isang tao ang katotohanan at nabubuhay sa harapan ng Diyos, lalo siyang nagkakaroon ng wangis ng tao. Paano maisasakabuhayan ang wangis ng isang tao? Isinasakabuhayan ito sa pamamagitan ng pagtitiwala sa mga salita ng Diyos, at sa pamamagitan ng pamumuhay sa harapan ng Diyos. Kung nauunawaan mo ang katotohanan, may malalim na katuparan at kaaliwan sa iyong puso, at nararamdaman mo na sumasaiyo ang Diyos, magkakaroon ka ng tunay na kasiyahan at kapayapaan sa iyong puso, at makikita ito sa iyong mukha, at magbabago ang disposisyon mo sa buhay. Sa kapanahunang ito, makikita ng ibang tao na normal ang iyong pag-iisip at espirituwal na pananaw, at marangal at disente ang iyong mga paghahayag—ito ang wangis ng isang tao.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

150. Ang mga Prinsipyo Kung Paano Pakikitunguhan ang Tradisyunal na Kultura

(1) Nagmula sa katiwalian ni Satanas at ng mga masasamang espiritu ang karamihang bahagi ng tradisyunal na kultura. Ito ay lason ni Satanas, napopoot sa katotohanan, at kabilang sa mga negatibong bagay;

(2) Ang tradisyunal na kultura ay isang di-nakikitang kadena na gumagapos at naghihigpit sa mga tao; isa itong kasangkapan na ginagamit ni Satanas, hari ng mga diyablo, upang dayain, kontrolin, at tupukin ang

mga tao;

(3) Ginagawang mas tiwali, napakasama, at malala ng tradisyunal na kultura ang sangkatauhan, at inaakay siyang mas palayo pa sa Diyos. Ginawa nitong mga kaaway ng Diyos ang lahat ng tao;

(4) Gamitin bilang pundasyon ang katotohanang salita ng Diyos upang makilala at masuri ang diwa ng tradisyunal na kultura. Masinsinang kilalanin ang katiwalian at ang reaksyunaryong diwa nito; kamuhian ito at tuligsain ito.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Isinilang sa gayong napakaruming lupain, labis nang naimpluwensiyahan ng lipunan ang tao, naimpluwensiyahan na siya ng mga etikang pyudal, at naturuan na siya sa "mga institusyon ng mas mataas na pag-aaral." Ang kaisipang paurong, tiwaling moralidad, masamang pananaw sa buhay, kasuklam-suklam na pilosopiya sa pamumuhay, lubos na hungkag na pag-iral, at napakabuktot na uri ng pamumuhay at mga kaugalian—lubhang nanghimasok na sa puso ng tao ang lahat ng mga bagay na ito, at lubhang nagpahina at sumalakay sa kanyang konsensiya. Bilang resulta, mas lalong lumayo ang tao mula sa Diyos, at mas lalong naging tutol sa Kanya. Lalong nagiging mas mabangis ang disposisyon ng tao sa bawat araw, at wala ni isang tao ang magkukusang isuko ang anumang bagay para sa Diyos, wala ni isang tao ang magkukusang sumunod sa Diyos, ni, higit pa rito, isang taong magkukusang hanapin ang pagpapakita ng Diyos. Sa halip, sa ilalim ng sakop ni Satanas, walang ginawa ang tao kundi maghangad ng kalayawan, ibinibigay ang sarili sa katiwalian ng laman sa lupain ng putik. Marinig man nila ang katotohanan, hindi nag-iisip ang mga nananahan sa kadiliman na isagawa ito, ni nakahandang hanapin ang Diyos kahit na nasaksihan na nila ang Kanyang pagpapakita. Paano magkakaroon ng pagkakataon sa kaligtasan ang isang sangkatauhang napakasama? Paano mabubuhay sa liwanag ang isang sangkatauhang labis nang namumulok?

Hinango mula sa "Ang Hindi Pagbabago ng Disposisyon ay Pakikipag-alitan sa Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang mga mapanirang impluwensya ng libu-libong taon na “matayog na diwa ng pagiging makabayan” ay malalim na tumimo sa puso ng tao, at pati na rin ang pyudal na pag-iisip kung saan ang mga tao ay nakatali at nakakadena, wala ni gatuldok na kalayaan, walang kagustuhang maghangad o magtiyaga, walang pagnanais na umunlad, at sa halip ay nananatiling walang-pagkilos at paurong, nakabaon sa kaisipan ng isang alipin, at iba pa—ang obhetibong mga salik na ito ay nag-iwan ng di-mabuburang bakas ng karumihan at kapangitan sa ideolohikal na pananaw, mga huwaran, moralidad, at disposisyon ng sangkatauhan. Tila nakatira ang mga tao sa isang madilim na mundo ng terorismo, na hindi hinahangad na malampasan ng sinuman sa kanila, at hindi iniisip na iwan ng sinuman sa kanila para sa isang huwarang mundo; sa halip, kuntento na sila sa kanilang kalagayan sa buhay, sa paggugol ng kanilang mga araw sa panganganak at pagpapalaki ng mga anak, pagsusumikap, pagpapapawis, sa pagtapos ng mga gawain, pangangarap ng isang maginhawa at masayang pamilya, ng pagmamahal ng asawa, ng paggalang ng mga anak sa kanilang mga magulang, ng kagalakan sa kanilang katandaan habang matiwasay na namumuhay…. Sa loob ng mga dekada, ng libu-libo, sampu-sampung libong taon hanggang sa ngayon, inaaksaya na ng mga tao ang kanilang oras sa ganitong paraan, na walang sinuman ang lumilikha ng isang perpektong buhay, lahat ay naghahangad lamang na makipagpatayan sa madilim na mundong ito, nakikipagkarera para sa katanyagan at kapalaran, at nang-iintriga laban sa isa’t isa. Sino ang naghanap na sa kalooban ng Diyos? Mayroon na bang nagbigay-pansin sa gawain ng Diyos? Ang lahat ng bahagi ng sangkatauhan na sinakop ng impluwensiya ng kadiliman ay matagal nang naging kalikasan ng tao, kaya napakahirap na isakatuparan ang gawain ng Diyos, at lalo pang walang pagnanais ang mga tao na bigyang-pansin ang ipinagkatiwala ng Diyos sa kanila ngayon.

Hinango mula sa “Gawain at Pagpasok (3)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ano ang kahulugan ng “tradisyunal na kulturang” ito? Sinasabi ng ilan

na ito ay ipinamana ng mga ninuno—ito ay isang aspeto. Mula sa simula, ang mga pamamaraan ng pamumuhay, mga kaugalian, mga kasabihan, at mga alituntunin ay naipamana sa loob ng mga pamilya, mga katutubong grupo at maging sa buong lahi ng sangkatauhan, at naitanim na sa kaisipan ng mga tao ang mga ito. Itinuturing ng mga tao na hindi maaaring mawala sa kanilang buhay ang mga ito at tinatanggap nila bilang mga alituntunin, na sinusunod ang mga ito na para bang sila ay buhay mismo. Sa katunayan, ayaw pa nga nilang magbago o pabayaan ang mga bagay na ito, dahil ipinamana sila ng kanilang mga ninuno. Mayroong iba pang mga aspeto ng tradisyunal na kultura, kagaya ng ipinamana ni Confucius o Mencius, o ang mga bagay na itinuro sa mga tao ng Taoismong Tsino at Confucianismo na naging bahagi ng bawat tao na tagos hanggang sa kanilang mga buto. Hindi ba ito tama? Ano ang saklaw ng tradisyunal na kultura? Kasama ba rito ang mga kapistahan na ipinagdiriwang ng mga tao? Halimbawa, ang Pagdiriwang ng Tagsibol, ang Kapistahan ng mga Parol, Araw ng Paglilinis ng Puntod, ang Pista ng Bangkang Dragon, gayundin ang Kapistahan ng mga Multo at Pagdiriwang ng Kalagitnaan ng Taglagas. Ang ilang pamilya ay nagdiriwang pa nga kapag ang mga nakatatanda ay dumating na ng isang tiyak na edad, o kapag ang mga bata ay nakaabot na ng isang buwan o 100-araw na gulang. At marami pa. Ang lahat ng ito ay tradisyunal na mga kapistahan. Hindi ba ang mga batayan ng mga kapistahang ito ay tradisyunal na kultura? Ano ang kaibuturan ng tradisyunal na kultura? Mayroon ba itong anumang kaugnayan sa pagsamba sa Diyos? Mayroon ba itong anumang kinalaman sa pagsasabi sa mga tao na isagawa ang katotohanan? Mayroon bang anumang mga kapistahan para sa mga tao upang mag-alay ng sakripisyo sa Diyos, magtungo sa altar ng Diyos at tanggapin ang Kanyang mga turo? Mayroon bang ganitong mga kapistahan? (Wala.) Ano ang ginagawa ng mga tao sa lahat ng mga kapistahang ito? Sa modernong panahon, ang mga ito ay nakikita bilang mga okasyon para sa pagkain, pag-inom, at kasiyahan. Ano ang pinagmumulan sa likod ng tradisyunal na kultura? Kanino nanggaling ang tradisyunal na kultura? (Kay Satanas.) Ito ay mula kay Satanas. Sa

likod ng mga tradisyunal na kapistahang ito, itinatanim ni Satanas ang mga bagay sa tao. Ano ang mga bagay na ito? Ang pagtitiyak na natatandaan ng mga tao ang kanilang mga ninuno—ito ba ay isa sa mga ito? Halimbawa, sa Araw ng Paglilinis ng Puntod, naglilinis ang mga tao ng mga nitso at nag-aalay ng mga sakripisyo sa kanilang mga ninuno, upang hindi malimutan ang kanilang mga ninuno. Dagdag pa rito, sinisiguro ni Satanas na naaalala ng mga tao na maging makabayan, halimbawa na ang Pista ng Bangkang Dragon. Ano naman ang sa Pagdiriwang ng Kalagitnaan ng Taglagas? (Mga muling pagsasama-sama ng pamilya.) Ano ang karanasan sa likod ng mga pagsasama-sama ng pamilya? Ano ang dahilan para dito? Ito ay upang makisalamuha at para sa emosyonal na pakikipag-ugnayan. Siyempre, maging ito man ay pagdiriwang ng Bagong Taon ng mga Tsino o ng Kapistahan ng mga Parol, maraming paraan ng paglalarawan ng mga dahilan sa likod ng mga pagdiriwang na ito. Paano man inilalarawan ang mga dahilan na iyon, ang bawat isa ay siyang paraan ni Satanas ng pagtatanim ng pilosopiya nito at ng pag-iisip nito sa mga tao, upang lumayo sila sa Diyos at hindi na malaman na mayroong Diyos, at mag-alay sila ng mga sakripisyo sa kanilang mga ninuno o kay Satanas, o kumain, uminom, at magsaya para sa kapakanan ng pagnanasa ng laman. Habang ipinagdiriwang ang bawat isa sa mga kapistahang ito, ang mga kaisipan at pananaw ni Satanas ay natatanim nang malalim sa isip ng mga tao na hindi nila nalalaman. Kapag dumating ang mga tao sa mga edad na apatnapu, limampu o higit pa, ang mga kaisipang ito at ang mga pananaw ni Satanas ay nakaugat na nang malalim sa kanilang mga puso. Higit pa rito, ginagawa ng mga tao ang lahat ng magagawa nila upang maibahagi ang mga ideyang ito, maging tama man ito o mali, papunta sa susunod na henerasyon nang walang pasubali, nang walang pag-aatubili. Tama ba ito? (Oo.) Paanong ginagawang tiwali ang mga tao ng tradisyunal na kultura at ng mga kapistahang ito? Alam ba ninyo? (Nakukulong ang mga tao at napipigilan ng mga alituntunin ng mga tradisyong ito hanggang wala na silang oras o lakas na hanapin ang Diyos.) Ito ay isang aspeto. Halimbawa, nagdiriwang ang lahat sa Bagong Taon ng mga Tsino—kung hindi mo ito

ipinagdiwang, di ba’t malulungkot ka? Mayroon bang mga pamahiin na pinanghahawakan mo sa iyong puso? Hindi mo ba mararamdamang, “Hindi ako nagdiwang ng Bagong Taon, at dahil ang Bagong Taon ng mga Tsino ay hindi kanais-nais na araw para sa akin, hindi ba’t ang buong taon na ito ay hindi magiging maganda”? Hindi ba’t sasama ang pakiramdam mo at medyo matatakot? Mayroon pa ngang ilang tao na hindi nakagawa ng mga sakripisyo sa kanilang mga ninuno sa loob ng ilang taon at bigla silang nagkaroon ng panaginip kung saan ang isang namatay nang tao ay humihingi sa kanila ng salapi. Ano ang mararamdaman nila? “Nakakalungkot na ang namayapang taong ito ay nangangailangan ng salapi para gastusin! Magsusunog ako ng pera ng espiritu para sa kanila. Kapag hindi ko ginawa ito, hindi iyon magiging tama. Maaaring magdulot ng kaguluhan para sa ating nabubuhay—sino ang makapagsasabi kung kailan aatake ang trahedya?” Palagi silang magkakaroon ng ganitong maliit na ulap ng takot at pangamba sa kanilang mga puso. Sino ang nagbibigay sa kanila ng pangambang ito? (Si Satanas.) Si Satanas ang pinagmumulan ng pag-aalalang ito. Hindi ba ito ang isa sa mga paraan na ginagawang tiwali ni Satanas ang tao? Gumagamit ito ng iba’t ibang pamamaraan at dahilan upang pigilan ka, upang takutin ka, at upang igapos ka, hanggang mahuhulog ka sa kalituhan at padadaig at magpapasakop dito; ganito ginagawang tiwali ni Satanas ang tao. Kadalasan, kapag ang mga tao ay mahina o kapag hindi sila lubusang may kamalayan sa sitwasyon, maaari silang gumawa ng isang bagay na hindi sinasadya sa isang paraang mangmang, iyon ay, walang-malay silang mahuhulog sa galamay ni Satanas at maaari rin silang gumawa ng isang bagay na hindi nila sinasadya at hindi nila alam ang kanilang ginagawa. Ito ang paraan na ginagawang tiwali ni Satanas ang mga tao. Mayroon pa ngang ilang tao ngayon na nag-aatubiling humiwalay sa naka-ugat nang tradisyunal na kultura, na sadyang hindi kayang isuko ito. Ito ay lalo na kapag sila ay nanghihina at walang kibo kaya’t nais nilang ipagdiwang ang ganitong mga uri ng kapistahan at nais nilang makadaupang-palad si Satanas at pasayahing muli si Satanas, upang aliwin ang kanilang mga puso. Ano ang

nasa likod ng tradisyunal na kultura? Hinihila ba ng itim na kamay ni Satanas ang mga tali sa likod ng mga pangyayari? Ang masamang likas ba ni Satanas ay nagmamanipula at pumipigil sa mga bagay? Pinangingibabawan ba ni Satanas ang lahat ng bagay na ito? (Oo.) Kapag naninirahan ang mga tao sa isang tradisyunal na kultura at nagdiriwang ng ganitong mga uri ng tradisyunal na kapistahan, maaari ba nating sabihin na ito ay isang kapaligiran kung saan sila ay nililinlang at ginagawang tiwali ni Satanas, at dagdag pa rito, na sila ay masaya na malinlang at gawing tiwali ni Satanas? (Oo.) Ito ay isang bagay na kinikilala ninyong lahat, na alam ninyong lahat.

Hinango mula sa “Ang Diyos Mismo, ang Natatangi V” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Maraming pagkakapareho ang tradisyonal na kultura at pamahiin, iyon nga lang ang tradisyonal na kultura ay may partikular na mga kuwento, mga pahiwatig, at mga pinagmumulan. Bumuo at nag-imbento si Satanas ng maraming kuwentong bayan o mga kuwento sa mga aklat ng kasaysayan, iniiwan sa mga tao ang malalalim na impresyon ng tradisyonal na kultura o mga mapamahiing imahe. Halimbawa, sa Tsina ay may “Ang Walong Imortal na Tumatawid ng Dagat,” “Paglalakbay Tungo sa Kanluran,” ang Emperador ng Jade, “Ang Paglupig ni Nezha sa Haring Dragon,” at “Ang Pagtatalaga ng mga Diyos.” Hindi ba nakaugat na nang husto ang mga ito sa isip ng tao? Kahit na hindi nalalaman ng ilan sa inyo ang lahat ng detalye, alam pa rin ninyo ang mga pangkalahatang kuwento, at ang pangkalahatang nilalaman nito ang namamalagi sa iyong puso at sa iyong isip, upang hindi mo makakalimutan ang mga ito. Ito ang sari-saring ideya o alamat na inihanda ni Satanas para sa tao noon pa man, at naipakalat na sa iba’t ibang panahon. Ang mga ito ay tuwirang pumipinsala at nagpapahina sa mga kaluluwa ng mga tao at ginagayuma nang sunod-sunod ang mga tao. Ibig sabihin noon ay sa sandaling natanggap mo na ang gayong tradisyonal na kultura, mga kwento, o mapamahiing mga bagay, kapag ang mga ito ay naitatag sa iyong isip, at kapag nanguyapit

ang mga ito sa iyong puso, kung gayon ay para kang nagayuma—nasasadlak ka at naiimpluwensyahan nitong mga kultural na patibong, ng mga ideya at tradisyonal na mga kuwentong ito. Iniimpluwensyahan ng mga ito ang iyong buhay, ang iyong pananaw sa buhay, at ang iyong paghatol sa mga bagay-bagay. Lalong higit na iniimpluwensyahan ng mga ito ang iyong paghahangad para sa tunay na daan ng buhay: Ito ay talagang isang masamang gayuma. Anuman ang gawin mo, hindi mo maipapagpag ang mga ito; sinisibak mo ang mga ito nguni't hindi mo kayang maibuwal; hinahampas mo ang mga ito nguni't hindi mo matatalo. Dagdag pa rito, pagkatapos na ang mga tao ay mapasailalim nang hindi namamalayan sa ganitong uri ng gayuma, sila ay nagsisimulang sumamba kay Satanas nang hindi namamalayan, itinataguyod ang imahe ni Satanas sa kanilang mga puso. Sa madaling salita, itinatatag nila si Satanas bilang kanilang diyus-diyosan, isang bagay para kanilang sambahin at tingalain, humahantong pa hanggang sa pagtuturing dito bilang Diyos. Nang hindi namamalayan, ang mga bagay na ito ay nasa puso ng mga tao, kumokontrol sa kanilang mga salita at mga gawa. Higit pa rito, itinuturing mo noon na huwad ang mga kuwento at mga alamat na ito, at pagkatapos kinikilala mo nang hindi namamalayan ang pag-iral nila, ginagawa silang mga totoong pigura at ginagawa silang mga totoo, umiiral na mga bagay. Sa iyong kawalang-kamalayan, tinatanggap mo nang hindi namamalayan ang mga ideyang ito at ang pag-iral ng mga bagay na ito. Tinatanggap mo rin nang hindi namamalayan ang mga diyablo, si Satanas at mga diyus-diyosan sa iyong sariling tahanan at sa iyong sariling puso—isa nga itong gayuma. Umaalingawngaw ba ang mga salitang ito sa inyo? (Oo.) Mayroon bang sinuman sa inyo ang nakapagsunog na ng insenso at sumamba kay Buddha? (Oo.) Kung gayo'y ano ang layunin ng pagsusunog ng insenso at pagsamba kay Buddha? (Nananalangin para sa kapayapaan.) Kung iisipin ang tungkol dito ngayon, kakatwa ba na manalangin kay Satanas para sa kapayapaan? Si Satanas ba ay nagdadala ng kapayapaan? (Hindi.) Hindi ninyo ba nakikita kung gaano kayo kamangmang noon? Ang ganoong uri ng asal ay kakatwa, mangmang at walang muwang, hindi ba? Ang tanging

iniisip ni Satanas ay kung paano ka magagawang tiwali. Imposible kang mabigyan ng kapayapaan ni Satanas, mabibigyan ka lamang nito ng pansamantalang ginhawa. Subali't upang makamit ang kaunting ginhawang ito, dapat kang manumpa, at kapag sinira mo ang iyong pangako o ang iyong sinumpaan kay Satanas, makikita mo kung gayon kung paano ka nito pahihirapan. Sa pagtutulak nito sa iyo na manumpa, sa katunayan ay gusto nitong kontrolin ka. Nang nanalangin kayo para sa kapayapaan, nakamit ba ninyo ang kapayapaan? (Hindi.) Hindi kayo nagkamit ng kapayapaan, subali't sa kabaligtaran ang inyong mga pagsisikap ay nagdala ng kasawian at walang-katapusang mga kalamidad—tunay na isang walang-hangganang karagatan ng kapaitan. Ang kapayapaan ay wala sa ilalim ng sakop ni Satanas, at ito ang katotohanan. Ito ang kinahinatnan na naidulot ng piyudal na pamahiin at tradisyonal na kultura sa sangkatauhan.

Hinango mula sa "Ang Diyos Mismo, ang Natatangi VI" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Naisara nang mahigpit ng kaalaman tungkol sa sinaunang kultura at kasaysayan na sumasaklaw sa ilang libong taon ang pag-iisip at mga pagkaintindi ng tao at ang pananaw ng kanyang isipan kaya hindi tinatablan at hindi nalulusaw ang mga ito.[1] Naninirahan ang mga tao sa ikalabing-walong ikot ng impiyerno, para lamang silang naitaboy ng Diyos sa mga bartolina, kung saan maaaring hindi kailanman makita ang liwanag. Naapi na nang husto ng pyudal na pag-iisip ang tao kaya halos hindi sila makahinga at naghahabol sila ng hininga. Wala sila ni katiting na lakas upang lumaban; ang ginagawa lamang nila ay tahimik na magtiis nang magtiis…. Walang sinumang nangahas kailanman na magpumiglas o ipagtanggol ang katuwiran at katarungan; talagang namumuhay lamang ang mga tao ng isang buhay na mas masahol pa sa hayop, sa ilalim ng mga paghampas at pang-aabuso ng pyudal na moralidad, araw-araw, at taun-taon. Hindi nila naisip kailanman na hanapin ang Diyos upang matamasa ang kaligayahan sa mundo ng tao. Para bagang napabagsak na

ang mga tao hanggang sa maging para silang mga dahong nalaglag sa taglagas, lanta, tuyot, at manilaw-nilaw na kayumanggi. Matagal nang nawala ang alaala ng mga tao; kaawa-awa silang naninirahan sa impiyerno na tinatawag na mundo ng tao, naghihintay sa pagdating ng huling araw upang sama-sama silang mamatay sa impiyernong ito, na para bang ang huling araw na pinakahihintay nila ang araw na tatamasahin ng tao ang payapang kapahingahan. Nadala na ng pyudal na moralidad ang buhay ng tao sa “Hades,” na lalong nagpahina sa kapangyarihan ng tao na lumaban. Lahat ng uri ng pang-aapi ang nagtutulak sa tao, nang paunti-unti, na mahulog nang mas malalim sa Hades, palayo nang palayo sa Diyos, hanggang sa siya ay maging isa nang ganap na estranghero ngayon sa Diyos at nagmamadaling iwasan Siya kapag sila ay nagkatagpo. Hindi Siya pinakikinggan ng tao at iniiwan Siyang nakatayong mag-isa sa isang tabi, na para bang hindi pa Siya nakilala ng tao kailanman, na hindi pa Siya nakita dati. Subalit matagal nang naghihintay ang Diyos sa tao sa mahabang paglalakbay sa buhay, na hindi kailanman ipinupukol ang Kanyang di-mapigilang galit sa kanya, tahimik lamang na naghihintay, nang walang imik, na magsisi ang tao at magsimulang muli. Matagal nang pumarito ang Diyos sa mundo ng tao upang makibahagi sa mga pagdurusa ng tao sa mundo. Sa lahat ng taon na namuhay Siya sa piling ng tao, wala pang nakatuklas sa Kanyang pag-iral. Tahimik lamang na tinitiis ng Diyos ang paghihirap ng pagiging hamak sa mundo ng tao habang isinasakatuparan ang gawaing personal Niyang dinala. Patuloy Siyang nagtitiis para sa kapakanan ng kalooban ng Diyos Ama at ng mga pangangailangan ng sangkatauhan, na nagdaranas ng mga pagdurusang hindi kailanman naranasan ng tao. Sa presensya ng tao tahimik Siyang naglingkod sa kanya, at sa presensya ng tao Siya ay nagpakumbaba, para sa kapakanan ng kalooban ng Diyos Ama at maging sa kapakanan ng mga pangangailangan ng sangkatauhan. Ang kaalaman tungkol sa sinaunang kultura ay parang balewalang ninakaw ang tao mula sa presensya ng Diyos at ipinasa siya sa hari ng mga diyablo at sa mga inapo nito. Nadala na ng Apat na Aklat at Limang Klasiko[a] ang pag-iisip at mga pagkaintindi

ng tao sa isa pang kapanahunan ng paghihimagsik, na naging sanhi upang higit pa niyang sambahin ang mga sumulat ng Aklat/Klasiko ng mga Dokumento, at bilang resulta upang lalo pang palalain ang kanyang mga pagkaintindi tungkol sa Diyos. Walang kaalam-alam ang tao, walang-awang pinalayas ng hari ng mga diyablo ang Diyos mula sa kanyang puso at pagkatapos ay tuwang-tuwang matagumpay niya mismong inokupa iyon. Mula noon, nag-angkin na ang tao ng pangit at masamang kaluluwa at ng mukha ng hari ng mga diyablo. Napuno ng poot sa Diyos ang kanyang dibdib, at lumaganap ang galit na kasamaan ng hari ng mga diyablo sa kalooban ng tao araw-araw hanggang sa lubos siyang lamunin nito. Wala na ni katiting na kalayaan ang tao at walang paraang makalaya mula sa mga bitag ng hari ng mga diyablo. Wala siyang nagawa kundi magpabihag noon mismo, sumuko at magpatirapa sa pagpapasakop sa presensya nito.

Hinango mula sa “Gawain at Pagpasok (7)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Mula itaas hanggang ibaba at mula simula hanggang wakas, ginagambala na ni Satanas ang gawain ng Diyos at kumikilos laban sa Kanya. Lahat ng pag-uusap na ito tungkol sa “sinaunang pamanang kultura,” mahalagang “kaalaman tungkol sa sinaunang kultura,” “mga turo ng Taoism at Confucianism,” at “Confucian classics at mga seremonyang pyudal” ay dinala na ang tao sa impiyerno. Ang mas maunlad na makabagong-panahong siyensya at teknolohiya, pati na ang lubhang maunlad na industriya, agrikultura, at pagnenegosyo ay hindi makita kahit saan. Sa halip, binibigyang-diin lamang nito ang mga ritwal na pyudal na ipinalaganap ng sinaunang “mga unggoy” upang sadyang gambalain, labanan, at lansagin ang gawain ng Diyos. Hindi lamang nito patuloy na sinaktan ang tao hanggang sa araw na ito, kundi nais pa nitong lunukin nang buo[2] ang tao. Ang paghahatid ng moral at etikal na mga turo ng pyudalismo at ang pagpapasa ng kaalaman tungkol sa sinaunang kultura ay matagal nang nahawahan ang sangkatauhan, at ginawa silang mga diyablong malalaki at maliliit. Iilan lamang ang masayang tatanggap sa Diyos, at buong kagalakang sasalubong sa Kanyang pagdating. Ang

mukha ng buong sangkatauhan ay puno ng layuning pumatay, at sa lahat ng lugar, ramdam ang layuning pumatay. Hangad nilang palayasin ang Diyos mula sa lupaing ito; hawak ang mga kutsilyo at espada, inaayos nila ang kanilang sarili sa pakikipaglaban upang “puksain” ang Diyos. Sa buong lupaing ito ng diyablo, kung saan palaging itinuturo na walang Diyos, nagkalat ang mga diyus-diyusan, at nakakalat sa hangin sa ibabaw ang nakakasukang amoy ng nasusunog na papel at insenso, na masyadong makapal kaya mahirap huminga. Para iyong amoy ng putik na sumisingaw pataas sa pagpulupot ng makamandag na ahas, kaya hindi mapigil ng tao na masuka. Bukod dito, bahagyang maririnig ang ingay ng masasamang demonyo na sabay-sabay na sinasambit ang mga banal na kasulatan, isang ingay na tila nanggagaling sa malayong impiyerno, kaya hindi mapigil ng tao na manginig. Sa lahat ng dako ng lupaing ito ay may nakalagay na mga diyus-diyusan na kakulay ng bahaghari, na ginagawang isang mundo ng mahahalay na kasiyahan ang lupain, samantalang patuloy na humahalakhak nang buong kasamaan ang hari ng mga diyablo, na para bang nagtagumpay na ang masamang balak nito. Samantala, nananatili itong lubos na wala sa loob ng tao, at ni wala rin siyang kamalay-malay na nagawa na siyang tiwali ng diyablo hanggang sa punto kung saan nawalan na siya ng pakiramdam at nakayuko dahil sa pagkatalo. Nais nitong palisin, sa isang iglap, ang lahat ng tungkol sa Diyos, at muli Siyang pasamain at paslangin; hangad nitong ibagsak at guluhin ang Kanyang gawain. Paano nito matutulutan ang Diyos na makapantay sa katayuan? Paano nito matitiis na “humadlang” ang Diyos sa gawain nito sa mga tao sa lupa? Paano nito matutulutan ang Diyos na ilantad ang kasuklam-suklam nitong mukha? Paano nito matutulutan ang Diyos na gambalain ang gawain nito? Paano mapapayagan ng diyablong ito, na nagpupuyos ang galit, na makontrol ng Diyos ang maharlikang hukuman nito sa lupa? Paano nito matatanggap nang maluwag ang nakahihigit na kapangyarihan Niya? Nabunyag na ang kasuklam-suklam nitong mukha kung ano talaga ito, kaya hindi alam ng tao kung tatawa siya o iiyak, at talagang mahirap itong banggitin. Hindi ba ito ang diwa nito? May pangit na kaluluwa, naniniwala

pa rin ito na di-kapani-paniwala ang kagandahan nito. Ang grupong ito ng magkakasabuwat sa krimen![3] Bumababa sila sa mundo ng mga mortal upang magpakasaya at magsanhi ng kaguluhan, na ginugulo nang husto ang mga bagay-bagay kaya nagiging salawahan at pabagu-bago ang mundo at natataranta at hindi mapakali ang puso ng tao, at napaglaruan nila nang husto ang tao kaya nagmukha siyang isang malupit na hayop sa parang, napakapangit, at wala na ang pinakahuling bakas ng orihinal na taong banal. Bukod pa rito, nais pa nilang kunin ang pinakamataas na kapangyarihan sa lupa. Hinahadlangan nila nang husto ang gawain ng Diyos kaya hindi ito halos makasulong, at sinasarhan nila ang tao nang kasinghigpit ng mga pader na tanso at bakal. Dahil napakaraming nagawang kasalanan at nagsanhi ng napakaraming kalamidad, may inaasahan pa ba silang iba maliban sa pagkastigo? Naghuhuramentado na ang mga demonyo at masasamang espiritu sa lupa, at nasarhan na kapwa ang kalooban at matiyagang pagsisikap ng Diyos kaya hindi na sila mapasok. Totoo, mortal na kasalanan ito! Paanong hindi mababalisa ang Diyos? Paanong hindi mapopoot ang Diyos? Matindi na nilang hinadlangan at kinalaban ang gawain ng Diyos: Napakasuwail!

Hinango mula sa “Gawain at Pagpasok (7)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

May tradisyonal na kuru-kuro ang mga Tsino na dapat na sumunod ang mga tao sa tungkulin ng paggalang sa kanilang mga magulang. Ito ang itinuro ni Confucius. Ang sinumang hindi sumunod sa tungkulin ng paggalang sa magulang ay hindi anak. Naitanim na ang kaisipang ito sa mga tao mula pagkabata, at itinuro ito sa halos bawat sambahayan, pati na rin sa bawat paaralan at sa lipunan sa pangkalahatan. Kapag napuno ng mga ganoong bagay ang ulo ng isang tao, iniisip nila, “Ang tungkulin ng paggalang sa magulang ay mas mahalaga kaysa anupaman. Kung hindi ko ito susundin, hindi ako magiging mabuting tao—magiging isang hindi ako pang-bata na bata, at tutuligsain sa kawalan ko ng budhi.” Ganito ka mag-isip, hindi ba? Mula nang maniwala ka sa Diyos, nalaman mong hindi binabanggit ang mga bagay na ito ng katotohanan at mga salita ng Diyos.

Sa mga salita ng Diyos, anong prinsipyo ang binabanggit tungkol sa kung paano dapat pakitunguhan ng mga tao ang isa't isa? Mahalin ang minamahal ng Diyos, at kamuhian ang kinamumuhian ng Diyos. Iyon ay, ang mga taong minamahal ng Diyos, na tunay na naghahabol ng katotohanan at gumagawa ng kalooban ng Diyos, ang mismong mga taong dapat mong mahalin. Ang mga hindi gumagawa ng kalooban ng Diyos, yaong mga namumuhi sa Diyos, yaong mga sumusuway sa Kanya, at yaong mga kinasusuklaman Niya ay mga taong dapat din nating kasuklaman at tanggihan. Ito ang hinihingi ng salita ng Diyos. Kung hindi naniniwala ang iyong mga magulang sa Diyos, kinamumuhian nila Siya kung gayon; at kung kinamumuhian nila Siya, tiyak na kinamumuhian sila ng Diyos. Kaya, kung sinabi sa iyong kamuhian mo ang iyong mga magulang, magagawa mo ba ito? Kung nilalabanan nila ang Diyos at nilalapastangan Siya, tiyak na sila ang mga taong kinamumuhian at isinusumpa Niya. Sa ilalim ng gayong mga pangyayari, paano mo dapat tratuhin ang iyong mga magulang kung hinadlangan nila ang paniniwala mo sa Diyos, o kung hindi sila naniniwala? Noong Kapanahunan ng Biyaya, sinabi ng Panginoong Jesus, "Sino ang aking ina? at sino-sino ang aking mga kapatid? … Sapagka't sinomang gumaganap ng kalooban ng aking Ama na nasa langit, ay siyang aking kapatid na lalake at aking kapatid na babae, at ina." Umiiral na ang kasabihang ito noon pang Kapanahunan ng Biyaya, at lalo pang mas angkop ang mga salita ng Diyos ngayon: "Mahalin kung ano ang minamahal ng Diyos, at kamuhian kung ano ang kinamumuhian ng Diyos." Diretsahan ang mga salitang ito, ngunit madalas na hindi napapahalagahan ng mga tao ang tunay na kahulugan ng mga ito. Kung isinumpa ng Diyos ang isang tao, ngunit sa panlabas ay tila mabuti naman siya, o kung isa siyang magulang o kamag-anak mo, maaaring hindi mo magawang kamuhian ang taong iyon, at maaari pang nagkakapalagayan kayo ng loob at malapit kayo sa isa't isa. Kapag naririnig mo ang ganoong mga salita mula sa Diyos, nababalisa ka at hindi mo kayang patigasin ang puso mo sa taong iyon o iwanan siya. Ito ay dahil mayroong kinaugaliang pagkaunawa rito na gumagapos sa iyo. Iniisip mo

na kung gagawin mo ito, magagalit sa iyo ang Langit, parurusahan ka ng Langit, at isasantabi ka pa ng lipunan at iisipin ng mga tao na nagkasala ka. Bukod pa roon, ang mas pragmatiko pang problema ay na dadalhin iyon ng iyong konsensya. Nagmumula ang konsensyang ito sa itinuro sa iyo ng mga magulang mo mula pagkabata, o mula sa impluwensya at pagkahawa sa kultura ng lipunan, na alinman dito ay nagtanim ng ganoong ugat at paraan ng pag-iisip sa kalooban mo kung kaya hindi mo maisagawa ang salita ng Diyos at magawang mahalin kung ano ang minamahal Niya at kamuhian kung ano ang kinamumuhian Niya. Subalit, sa kaloob-looban mo, alam mong dapat mo silang kamuhian at tanggihan, dahil nagmula sa Diyos ang buhay mo, at hindi ibinigay ng mga magulang mo. Dapat sambahin ng tao ang Diyos at ibalik ang sarili niya sa Kanya. Bagama't kapwa mo sinasabi at iniisip iyon, sadyang hindi ka makapagbago at sadyang hindi mo iyon maisagawa. Alam mo ba kung ano ang nangyayari dito? Iyon ay na naigapos ka na ng mga bagay na ito, nang kapwa mahigpit at malalim. Ginagamit ni Satanas ang mga bagay na ito upang igapos ang iyong mga saloobin, ang iyong isip, at ang iyong puso upang hindi mo magawang tanggapin ang mga salita ng Diyos. Ganap ka nang napuspos ng ganoong mga bagay, hanggang sa puntong wala ka nang puwang para sa mga salita ng Diyos. Higit pa roon, kung susubukan mong isagawa ang Kanyang mga salita, magkakabisa ang mga bagay na iyon sa loob mo at gagawin kang di-umaayon sa Kanyang mga salita at mga hinihingi, sa gayon ay gagawin kang walang kakayahang pakawalan ang iyong sarili mula sa mga buhol na ito at walang kakayahang makawala sa pagkakagapos na ito. Kawalan ng pag-asa, at, nang walang lakas na magpumiglas, susuko ka paglaon. Ang ilang mga tao ay nagagawang kumawala, habang ang iba ay sumusuko. "Ang mga tradisyonal na kuru-kuro at pamantayan sa moralidad ang mahalaga," sa palagay nila. "Isantabi natin ang mga salita ng Diyos. Nabubuhay tayo sa mundong ito, at kailangan nating umasa sa mga taong ito." Sa halip na makaakit ng negatibong opinyon at pagpuna ng publiko, na hindi nila kakayanin, pinili nilang saktan ang Diyos, talikuran ang katotohanan at mga salita ng Diyos,

at isuko ang sarili sa pagkaalipin sa opinyon ng publiko o mga tradisyonal na kuru-kuro. Hindi ba nakakaawa ang tao? Hindi ba niya kailangan ang kaligtasan ng Diyos?

Hinango mula sa “Makikilala Mo ang Iyong Sarili sa Pamamagitan Lamang ng Pagkilala sa Iyong mga Maling Pananaw” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang bawat taong naninirahan sa ating kasalukuyang lipunan, gaano man karami ang natanggap nilang edukasyon, ay maraming mga bagay sa loob ng kanilang pag-iisip at pananaw. Ang mga tradisyunal na kababaihang Tsino, sa partikular, ay naniniwalang ang lugar ng isang babae ay nasa bahay, na dapat maging mabuting asawa at ina ang kababaihan na ginugugol at inilalaan ang buong buhay nila sa kanilang mga asawa at anak. Tatlong beses ng pagkain sa isang araw para sa kanilang pamilya, paglilinis, paglalaba—dapat nilang gawin ang lahat sa bahay, at gawin ito nang may pambihirang husay. Ito, syempre, ang pamantayan sa ating lipunan para sa isang “mabuting asawa at ina.” Naniniwala ang bawat babaeng ganito dapat siya kumilos, na, kung hindi, hindi siya mabuting babae, at lalabag sa kanyang budhi, at lalabag sa mga pamantayan ng moralidad. Mayroon pang iba, na hindi maganda ang paggampanan sa tungkuling ito o walang pagsasaalang-alang sa mga pamantayan ng lipunan, ay nilalamon ng budhi, at pakiramdam nila’y pinabayaan nila ang kanilang mga anak at kanilang asawa. Ang pagkakaroon ba ng paniniwala sa Diyos at tinatawag upang gampanan ang iyong tungkulin ay lumilikha ng hidwaan sa iyong pagiging isang mabuting asawa at ina, isang huwarang ina, isang babaeng umaayon sa mga pamantayan? Kung nais mong maging mabuting asawa at ina, hindi mo maaaring gugulin ang isang daang porsyento ng iyong oras sa iyong tungkulin. Kapag ang magkaroon ng tunggalian sa pagitan ng iyong tungkulin bilang asawa at ina at ng iyong tungkulin, alin ang pipiliin mo? Kung piliin mong gampanan ang iyong tungkulin at tanggapin ang responsibilidad para sa gawain ng bahay ng Diyos, upang gawin ang lahat na iyong makakaya, nang may ganap na debosyon sa Diyos, at, sa

paggawa nito, ay napipilitang isantabi ang iyong mga tungkulin bilang asawa at ina, anong mararamdaman? Anong mga bagay ang iyong maiisip? Mararamdaman mo bang binigo mo ang iyong mga anak? Saan nagmumula ang ganitong pakiramdam ng kabiguan, ang pagkabagabag na ito? Nababagabag ka ba kapag hindi mo nagagampanan nang mabuti ang tungkulin ng isang nilikhang nilalang? Hindi ka nababagabag, ni hindi mo nararamdamang masisi, dahil ang positibong bagay na ito ay hindi nakatanim sa iyong saloobin, pananaw, at budhi. Ano, kung gayon, ang nakatanim sa kanila? Ang pagiging mabuting asawa at ina. Kung hindi ka mabuting asawa at ina, hindi ka mabuting babae kung gayon, hindi isang "disenteng" babae. Hindi ba iyan ang pamantayan mo? Ang pamantayang ito ay nagbubuklod sa iyo; ginawa ka upang dalhin ito habang naniniwala ka sa Diyos at ginagampanan ang iyong tungkulin. Kapag ang tunggalian ay lumitaw sa pagitan ng pagganap ng iyong tungkulin at pagiging isang mabuting asawa at isang mapagmahal na ina, piliin mo man nang may pag-aatubilin ang paggampan ng iyong tungkulin o maging matapat sa Diyos, mayroong sukat ng pagkabagabag sa iyong puso, at mas malaking sukat ng pagsisisi. Kapag hindi mo ginagampanan ang iyong tungkulin, umuuwi at inaalagaang mabuti ang iyong mga anak o asawa, sinusubukang makabawi para sa iyong pagkawala, gayunpaman, sa paggawa nito, tinitiis mo ang higit na paghihirap ng laman. Isang kautusang pangkaisipan ang dahilan na nagagawa mo ito. Ngunit nagawa ba natin ang ating pananagutan, ating obligasyon, at ating tungkulin sa harap ng Diyos? Kapag pabaya tayo at walng pakialam sa ating tungkulin, o kung ayaw natin itong gawin, may pakiramdam ba ng pagsisisi sa ating mga puso, o pakiramdam ng panunuya? Hindi tayo nakakaramdam ang kahit konting kahihiyan, dahil hindi umiiral ang ganoong bagay sa loob ng katauhan ng mga tao. Samakatuwid, kahit na maaaring gampanan mo ang ilan sa iyong tungkulin, mananatiling medyo wala ka pa rin sa mga pamantayan ng katotohanan at ng Diyos. Sinabi ng Diyos, "Ang Diyos ang pinagmulan ng buhay ng tao." Ano ang kahulugan ng mga salitang ito? Nilalayon nilang ipaalam ito sa lahat ng tao: Ang ating buhay at ang aming

espiritu ay nagmula sa Diyos, hindi sa ating mga magulang, at lalong hindi sa sangkatauhan, o sa lipunan nating ito, o sa kalikasan. Ibinigay sa atin ng Diyos ang mga ito, at, kahit na ipinanganak ng ating mga magulang ang ating katawan, ang Diyos ang kumokontrol sa ating mga kapalaran. Isang pagkakataong ibinigay ng Diyos sa atin na maaari tayong maniwala sa Kanya; itinalaga Niya ito, at ito ang Kanyang biyaya. Samakatuwid wala kang tungkuling magsagawa ng mga obligasyon o responsibilidad para sa ibang tao; ang tanging obligasyon mo lamang ay gampanan para sa Diyos ang tungkuling dapat ginagampanan ng isang nilikha. Ito ang pinakadapat gawin ng tao, at, kabilang sa lahat ng dakilang bagay sa buhay ng isang tao, ito ang dapat nilang kumpletuhin—ito ang pangunahing gawain ng buhay ng isang tao. Kung hindi mo gampanan nang maayos ang iyong tungkulin, hindi ka isang totoong nilikhang nilalang. Sa paningin ng tao, maaaring isa kang mabuting asawa at ina, kamangha-manghang maybahay, masunuring anak na babae, at namumukod na miyembro ng lipunan, ngunit, sa harap ng Diyos, ikaw ay isang naghihimagsik laban sa Kanya, hindi gumaganap alinman sa kanilang mga obligasyon o tungkulin, at isang hindi ginampanan ang paggawang tinanggap nila mula sa Diyos. Magkakaroon pa ba ng katayuan ang gayung tao sa harap ng Diyos? Ang gayong tao ay di pinag-aaksayahan kahit ng baryang tanso.

Hinango mula sa “Makikilala Mo ang Iyong Sarili sa Pamamagitan Lamang ng Pagkilala sa Iyong mga Maling Pananaw” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang tradisyunal na kultura ay hindi ang katotohanan, malinaw iyan, ngunit sapat na ba na malaman ng mga tao na hindi ito ang katotohanan? Ang katunayan na hindi ito ang katotohanan ay isang bagay; bakit ba natin kailangang suriin ito? Ano ang puno’t dulo nito? Ano ang diwa ng suliranin? Paano mabibitiwan ng mga tao ang bagay na ito? Ang pagsusuri nito ay naglalayong magdulot ng isang ganap na bagong pagkaunawa sa kaibuturan ng iyong puso sa mga teorya, kaisipan, at pananaw tungkol dito. Kaya naman, ano ang kinakailangang gawin upang makarating sa panibagong pagkaunawa na ito? Una sa lahat, kailangan mong malaman

kung saan nagmumula ang tradisyunal na kultura—ito'y nagmumula kay Satanas. At tahasan ba itong sinabi o ginawa ni Satanas? Hindi. Inilahad ni Satanas ang mga kaisipang ito sa iba't ibang panahon sa pamamagitan ng iba't ibang mga kilalang tao, na nagbibigay nitong mga tinatawag na mga paliwanag at mga teorya, at ang mga ito ay unti-unting naging sistematiko, naging tiyak, at unti-unting napalapit at naging mas mahalaga sa mga buhay ng mga tao; unti-unting naging laganap ang mga ito sa sangkatauhan, at, unti-unti, ang mga konseptong ito, ang mga paliwanag at mga teorya ay nailalim sa paraan ng pag-iisip ng mga tao. Mula nang mailalim sa kaisipan ng mga tao, itinuring na ng mga tao ang mga konseptong ito bilang pinakapositibong mga bagay, na kailangan nilang isagawa at sundin, at ginamit ni Satanas ang mga bagay na ito upang igapos at pamahalaan ang pag-iisip ng mga tao. Sa ganitong kapaligiran patuloy na tinuturuan, inaalagaan, at pinamamahalaan ang sangkatauhan, at ito'y nagpasalin-salin na sa mga henerasyon hanggang sa kasalukuyan. Naniniwala ang lahat ng mga salinlahing ito ng mga tao na tama at mabuti ang tradisyunal na kultura, at walang sinuman ang nagsikap na suriin itong tinatawag na mabuti at wastong bagay upang mahanap ang mismong pinagmumulan at pinanggagalingan nito. Narito ang kabigatan ng suliranin. Maging ang mga mananampalataya sa Diyos, na bumabasa ng Kanyang mga salita sa loob ng maraming taon, ay naniniwala pa rin na ang mga bagay na ito ay tama at positibo, at iniisip pa nga nila na maaaring ipalit ang mga ito sa katotohanan, at ipalit sa salita ng Diyos. Masahol pa, iniisip ng ibang tao: Gaano kadalas ka man magbasa ng salita ng Diyos, namumuhay ka pa rin kasama ng mga tao, at hindi mo matatalikuran ang mga tinatawag na tradisyunal na konsepto at kultura, gaya ng Three Obediences and Four Virtues o ng Five Moralities, dahil naisalin na ang mga ito mula sa ating mga ninuno, at, dahil mga pantas ang ating mga ninuno, hindi natin maaaring salungatin ang kanilang mga turo dahil lamang sa ating pananampalataya sa Diyos, ni hindi rin natin maaaring pakialaman o iwaksi ang mga turong ito ng ating mga kagalang-galang na ninuno. Lahat ng mga tao ay may ganitong mga pag-iisip at mga

pagkaunawa sa kaibuturan nila; hindi nila namamalayang pinamamahalaan at ginagapos pa rin sila ng mga bagay na ito.

Hinango mula sa “Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (4)” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Bawat bagay na umiiral sa ating puso ay salungat sa Diyos. Kabilang dito ang mga bagay na sa palagay natin ay mabuti, at maging yaong mga pinaniniwalaan na nating positibo. Nailista na natin ang mga bagay na ito bilang mga katotohanan, bilang bahagi ng normal na pagkatao, at bilang mga positibong bagay; gayunpaman, sa pananaw ng Diyos, ito ay mga bagay na Kanyang kinapopootan. Hindi masusukat ang agwat sa pagitan ng iniisip natin at ng katotohanang sinasambit ng Diyos. Kaya, dapat nating kilalanin ang ating sarili. Mula sa ating mga ideya, pananaw, at kilos hanggang sa natanggap nating edukasyong pangkultura, bawat bagay ay nararapat na pakasaliksikin at lubos na suriin. Ilan sa mga bagay na ito ay mula sa kapaligirang panlipunan, ilan ay mula sa mga pamilya, ilan ay mula sa edukasyong natamo sa paaralan, at ilan ay mula sa mga aklat. Ang ilan ay mula rin sa ating mga guni-guni at pagkaunawa. Ang ganitong mga bagay ang pinakanakakatakot, sapagka’t ginagapos at pinipigilan ng mga ito ang ating mga salita at kilos, pinangingibabawan ang ating mga isipan, at ginagabayan ang mga motibo, layunin, at mithiin natin sa ating mga ginagawa. Kung hindi natin tutuklasin ang mga bagay na ito, hindi natin kailanman lubos na tatanggapin ang mga salita ng Diyos sa ating kalooban, at hindi natin kailanman tatanggapin nang walang pag-aatubili ang mga ipinagagawa ng Diyos at isasagawa ang mga ito. Hangga’t nagkikimkim ka ng mga sarili mong ideya at pananaw, at matitibay na paniniwala sa mga bagay na pinaniniwalaan mong tama, hindi mo kailanman tatanggapin ang mga salita ng Diyos nang ganap o walang pag-aalinlangan, ni isasabuhay ang mga ito sa orihinal nilang anyo; tiyak na isasabuhay mo lamang ang mga ito matapos mong pagbulayan ang mga ito sa iyong isipan. Ganito mo gagawin ang mga bagay-bagay, at ito rin ang magiging paraan mo para tulungan ang iba: Maaari ka pa ring magbahagi

tungkol sa mga salita ng Diyos, ngunit palagi mo itong mahahaluan ng mga sarili mong dumi, at iisipin mong ito ang ibig sabihin ng pagsasagawa ng katotohanan, na naunawaan mo na ang katotohanan, at na taglay mo na ang lahat. Hindi ba't kaawa-awa ang kalagayan ng tao? Hindi ba nakakatakot ito?

Hinango mula sa "Makikilala Mo ang Iyong Sarili sa Pamamagitan Lamang ng Pagkilala sa Iyong mga Maling Pananaw" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang tradisyonal na kultura at paraan ng pag-iral ng sangkatauhan ay hindi magiging katotohanan dahil sa mga pagbabago o paglipas ng panahon, at hindi rin magiging mga salita ng tao ang mga salita ng Diyos dahil sa pagkondena o pagiging malilimutin ng sangkatauhan. Hindi magbabago ang diwang ito kailanman; ang katotohanan ay palaging katotohanan. Anong katotohanan ang umiiral dito? Lahat ng kasabihang iyon na ibinuod ng sangkatauhan ay nagmumula kay Satanas—iyon ay mga imahinasyon at kuru-kuro ng tao, na nagmumula pa nga sa pagiging mainitin ng dugo ng tao, at ni wala man lang kinalaman sa mga positibong bagay. Ang mga salita ng Diyos, sa kabilang dako, ay mga pagpapahayag ng diwa at katayuan ng Diyos. Para sa anong dahilan ang Kanyang pagpapahayag ng mga salitang ito? Bakit Ko sinasabing katotohanan ang mga ito? Ito ay dahil namumuno ang Diyos sa lahat ng batas, prinsipyo, ugat, diwa, aktwalidad, at hiwaga ng lahat ng bagay, at hawak ng kamay Niya ang mga ito, at ang Diyos lamang ang nakakaalam ng pinagmulan ng mga ito at kung ano talaga ang mga pinag-ugatan nito. Samakatuwid, ang mga pakahulugan lamang ng lahat ng bagay na binanggit sa mga salita ng Diyos ang pinakatumpak, at ang mga kinakailangang gawin ng sangkatauhan na napapaloob sa mga salita ng Diyos ang tanging pamantayan para sa sangkatauhan—ang tanging sukatan na dapat pagbatayan ng pag-iral ng sangkatauhan.

Hinango mula sa "Kung Ano ba ang Katotohanan" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Mga Talababa:

1. Ang "hindi nalulusaw" ay nilayon bilang panunudyo [satire] dito, na ibig sabihin ay

maigting ang mga tao sa kanilang kaalaman, kultura, at espirituwal na pananaw.

2. Ang “lunukin” ay tumutukoy sa marahas na pag-uugali ng hari ng mga diyablo, na sinasaklot nang buo ang mga tao.

3. Ang “magkakasabuwat sa krimen” ay kapareho ng uri ng “isang grupo ng mga butangero.”

a. Ang Apat na Aklat at Limang Klasiko ay mapagkakatiwalaang tumpak na mga aklat ng Confucianism sa China.

151. Ang mga Prinsipyo Kung Paano Pakikitunguhan ang Praktikal na Kultura at Kaalaman

(1) Nanggaling sa Diyos ang praktikal na kultura at kaalaman. Ito ay mga pakinabang para sa pagpapaunlad ng kakayahan ng tao, at dapat na mapagkalooban ng mga ito ang tao. Dapat tingnan ang mga ito ng maayos, pag-aralan, at unawaing maigi;

(2) Ang kultura at kaalaman ay hindi ang katotohanan at hindi makapagsisilbing buhay ng isang tao; mga kasangkapan lamang ang mga ito na kailangang-kailangan para sa pamumuhay ng isang tao. Huwag magkaroon ng bulag na pananampalataya sa mga ito o sambahin ang mga ito;

(3) Tanging sa pag-unawa lang ng katotohanan makikita nang maayos at makatuwirang magagamit ng isang tao ang kultura at kaalaman. Hindi maiaalis ng tao ang kanilang mga sarili mula sa katiwalian ni Satanas kung nagkaroon lamang sila ng ilang kaalaman nang walang katotonanan;

(4) Dapat na pag-aralan at unawaing maigi ang praktikal na kaalamang makakabuti sa pagganap ng tungkulin, para sa kapakanan ng pangangaral at mas mabuting pagpapatotoo sa mga salita at gawain ng Diyos.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang ibig sabihin ng taasan ang antas ng kakayahan ng mga tao ay kinakailangan ninyong paghusayin ang inyong kakayahang umunawa, upang maunawaan ninyo ang mga salita ng Diyos, at malaman ninyo kung

paano isagawa ang mga ito. Ito ang pinakapangunahing pangangailangan sa lahat. Kung susundin ninyo Ako nang hindi nauunawaan ang Aking sinasabi, hindi ba magulo ang inyong pananampalataya? Gaano man karaming salita ang Aking binibigkas, kung hindi ninyo iyon magagawa, kung medyo hindi ninyo maunawaan ang mga ito anuman ang sabihin Ko, nangangahulugan ito na kulang ang inyong kakayahan. Kung wala kayong kakayahang umunawa, wala kayong mauunawaan sa sinasabi Ko, kaya napakahirap matamo ang hinahangad na epekto; marami akong hindi masabi sa inyo nang diretsahan, at hindi makakamtan ang epektong nilayon nito, kaya kinakailangang dagdagan ang gawain. Dahil kulang na kulang ang inyong kakayahang makaunawa, ang inyong kakayahang maunawaan ang mga bagay-bagay, at ang mga pamantayang sinusunod ninyo sa buhay, kailangang maisagawa ang “pagpapataas ng antas ng kakayahan” sa inyo. Hindi ito maiiwasan, at walang alternatibo. Sa gayon lamang maaaring magkaroon ng kaunting epekto; kung hindi, lahat ng salitang Aking sinasabi ay mawawalan ng saysay. At hindi ba kayo maaalalang lahat sa kasaysayan bilang mga makasalanan? Hindi ba kayo magiging mga hamak na tao sa lupa? Hindi ba ninyo alam kung anong gawain ang isinasagawa sa inyo, at kung ano ang kinakailangan sa inyo? Kailangan ninyong malaman ang inyong sariling kakayahan: Ni hindi man lang ito tumutugon sa Aking mga kinakailangan. At hindi ba nito inaantala ang Aking gawain? Batay sa inyong kasalukuyang kakayahan at pag-uugali, walang sinuman sa inyo ang angkop na magpatotoo sa Akin, ni walang sinuman sa inyo ang handang balikatin ang mabibigat na responsibilidad ng Aking gawain sa hinaharap. Hindi ba kayo labis na nahihiya? Kung magpapatuloy kayo nang ganito, paano ninyo mapapalugod ang Aking kalooban? Dapat mong gawing makabuluhan ang iyong buhay. Huwag mong hayaang lumipas ang panahon nang walang kapararakan—walang halaga ang paggawa niyon. Dapat mong malaman kung ano ang dapat mong taglayin. Huwag mong isiping alam mong gawin ang lahat—marami ka pang dapat malaman! Ano pa ang maaaring sabihin kung wala ka kahit ng pinakamaliit na sentido komun ng sangkatauhan?

Hindi ba walang kabuluhang lahat iyan? At tungkol naman sa pagkatao at kakayahang hinihiling Ko, walang isa man sa inyo ang lubos na karapat-dapat. Napakahirap makahanap ng isang taong akmang kasangkapanin. Naniniwala kayo na kaya ninyong gumawa ng mas dakilang gawain para sa Akin, at maipagkakatiwala sa inyo ang mas dakilang mga bagay mula sa Akin; sa katunayan, ni hindi ninyo alam kung paano pumasok sa marami sa mga aral na nasa harapan ninyo mismo—kaya paano kayo posibleng makapasok sa mas malalalim na katotohanan? Ang inyong pagpasok ay dapat gawin sa paisa-isang hakbang at paunti-unti. Kailangan ay hindi ito magulo—hindi maganda iyan. Magsimula sa pinakamababaw na pagpasok: Basahin ang mga salitang ito nang paisa-isang linya hanggang sa maunawaan at malinawan ninyo ang mga ito. Kapag binabasa ninyo ang mga salita ng Diyos, huwag lamang itong pasadahan nang mabilis na para bang humahanga kayo sa mga bulaklak habang humahagibis kayong sakay ng kabayo, at huwag lamang gumawa nang pakunwari. Maaari mo ring basahin nang regular ang ilang sangguniang aklat (gaya ng mga aklat sa gramatika o retorika) para maragdagan ang iyong kaalaman. Huwag magbasa ng mga aklat na gaya ng mga nobela ng pag-ibig, mga talambuhay ng mga dakilang tao, o yaong tungkol sa agham na panlipunan; walang pakinabang ang mga ito, at magdudulot lamang ng kapinsalaan. Kailangan mong alamin nang lubusan ang lahat ng dapat mong pasukin at unawain. Ang layunin ng pagtataas ng antas ng kakayahan ng mga tao ay upang bigyan sila ng kamalayan tungkol sa sarili nilang katayuan at halaga. Dapat mong maunawaan kung bakit kailangang patuloy na sikapin ng mga tao na matamo ang katotohanan sa paniniwala sa Diyos, at kung katanggap-tanggap ba na hindi itaas ng mga tao ang antas ng kanilang kakayahan. Mahalaga na manatili kayong edukado; huwag ninyo itong sayangin! Kailangan ninyong maunawaan kung bakit kailangang itaas ang antas ng kakayahan ng mga tao, kung paano ito mapapataas, at aling mga aspeto ang papasukin. Kailangan ninyong maunawaan ang kabuluhan ng magsabuhay ng normal na pagkatao, kung bakit kailangang gawin ang gawaing ito, at ang bahaging dapat gampanan

ng tao. Halimbawa, sa pagiging edukado, dapat ninyong maunawaan kung aling mga aspeto ang dapat pag-aralan, at kung paano dapat pumasok ang isang tao sa mga ito. Dapat ninyong malamang lahat kung ano ang layunin ng pagiging edukado. Hindi ba para maunawaan ang mga salita ng Diyos at pumasok sa katotohanan? Ano ang nananaig sa lahat ng iglesia ngayon? Dahil hinihikayat ninyong turuan ng mga tao ang kanilang sarili, nalilimutan nila ang pagtatamasa ng mga salita ng Diyos, at wala silang ginagawa sa buong maghapon kundi mag-aral. Kung hihilingin ninyo na isabuhay nila ang normal na pagkatao, aasikasuhin lamang nila ang paglilinis ng kanilang bahay, pagluluto, o pagbili ng mga kagamitan sa pagluluto. Sa mga bagay na ito sila magtutuon; hindi pa nga nila malalaman kung paano mamuhay nang karaniwang buhay-iglesia. Kung matagpuan mo ang iyong sarili sa kasalukuyang sitwasyon, nalihis ka na sa iyong pagsasagawa. Kung gayon bakit ka hinihilingang pumasok sa espirituwal na buhay? Hindi ka magkakaroon ng kakayahang matupad ang hinihiling sa iyo sa pagkatuto lamang ng mga bagay na iyon. Pagpasok sa buhay pa rin ang pinakamahalaga; samantala, ginagawa ang gawaing ito para malutas ang mga paghihirap na nakakaharap ng mga tao sa kanilang mga karanasan. Ang pagpapataas ng iyong kakayahan ay nagbibigay sa iyo ng kaalaman tungkol sa likas na pagkatao at diwa ng tao, na ang pangunahing layunin ay para lumago ang espirituwal na buhay ng mga tao at magbago ang kanilang disposisyon. Maaaring alam mo kung paano magbihis nang maganda at pagandahin ang sarili mo, maaaring matalino ka at marunong, subalit sa huli, pagdating ng araw na papasok ka sa trabaho, hindi ka makakapasok. Gayon mo dapat malaman kung ano rin ang dapat gawin habang itinataas mo ang antas ng iyong kakayahan. Ang layunin ay baguhin ka; pandagdag lang ang pagpapataas ng antas ng iyong kakayahan. Hindi puwedeng hindi tumaas ang antas ng iyong kakayahan, at kung hindi magbago ang iyong disposisyon, mas malala pa iyon. Hindi puwedeng hindi isama ang kahit alin dito. Ang pagkakaroon ng normal na pagkatao ay hindi nangangahulugan na nagpatotoo ka nang matunog—hindi napakasimple ng hinihiling sa iyo.

Hinango mula sa “Ang Pagpapataas ng Antas ng Kakayahan ay Alang-alang sa Pagtanggap ng Pagliligtas ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Pag-uusapan muna natin ang pinakamababaw na aspeto ng paksang ito. Nagagawa bang tiwali ng gramatika at mga salita sa wika ang mga tao? Magagawa bang tiwali ng mga salita ang mga tao? (Hindi.) Hindi ginagawang tiwali ng mga salita ang mga tao; ang mga ito ay kagamitan na ginagamit ng mga tao na magsalita at kagamitan din sila na ginagamit ng mga tao upang makipag-usap sa Diyos. Dagdag pa rito, ang wika at mga salita ay paraan kung paano nakikipag-usap ang Diyos sa mga tao ngayon. Ang mga ito ay kagamitan, at sila’y pangangailangan. Ang isa kapag dinagdagan ng isa ay dalawa, at ang dalawa kapag minultiplika sa dalawa ay katumbas ng apat; hindi ba ito kaalaman? Ngunit maaari ka ba nitong gawing tiwali? Ito ay pangkaraniwang kaalaman—ito’y permanenteng tularan—kaya’t hindi nito kayang gawing tiwali ang mga tao. Kung gayon, anong uri ng kaalaman ang gumagawang tiwali sa mga tao? Ang kaalaman na nakakapagpatiwali ay iyong nahaluan ng mga pananaw at kaisipan ni Satanas. Sinisikap ni Satanas na ilagay ang mga pananaw at kaisipang ito sa sangkatauhan sa pamamagitan ng kaalaman. Halimbawa, sa isang sanaysay, walang mali sa nakasulat na mga salita. Ang problema ay nasa mga pananaw at layon ng may-akda noong kanilang isinulat ang sanaysay, pati na rin sa nilalaman ng kanilang mga kaisipan. Ang mga ito ay espirituwal na mga bagay at kayang gawing tiwali ang mga tao. Halimbawa, kung nanonood ka ng palabas sa telebisyon, anong mga bagay rito ang kayang makapagpabago ng pananaw ng mga tao? Iyon bang sinasabi ng mga nagtanghal, ang mismong mga salita, ay maaaring gawing tiwali ang mga tao? (Hindi.) Anong mga bagay ang may kakayanang gawing tiwali ang mga tao? Iyon ay ang mga kaibuturang kaisipan at nilalaman ng palabas, na kumakatawan sa mga pananaw ng direktor. Ang impormasyong taglay ng mga pananaw na ito ay kayang baguhin ang mga puso at isip ng mga tao. Tama ba ito? Ngayon ay alam na ninyo kung ano ang Aking tinutukoy sa Aking pagtalakay ng paggamit ni

Satanas ng kaalaman upang gawing tiwali ang mga tao. Hindi ka magkakamali ng pang-unawa, tama? Kaya kapag magbabasa kang muli ng isang nobela o isang sanaysay, kaya mo bang suriin kung ginagawang tiwali ang sangkatauhan o nag-aambag sa sangkatauhan ang mga kaisipang inihayag? (Oo, bahagya.) Ito ay isang bagay na kailangang pag-aralan at maranasan nang dahan-dahan, hindi ito bagay na madaling maunawaan kaagad. Halimbawa, kapag nagsasaliksik o pinag-aaralan ang isang larangan ng kaalaman, ang ilang positibong aspeto ng kaalamang iyon ay maaari kang tulungang maintindihan ang pangkalahatang kaalaman tungkol sa larangang iyon, samantalang tinutulungan kayong malaman kung ano ang dapat iwasan ng mga tao. Halimbawa, tingnan natin ang "kuryente"—ito ay isang larangan ng kaalaman, hindi ba? Hindi ka ba mangmang kung hindi mo alam na makukuryente at mapipinsala ng elektrisidad ang tao? Ngunit kapag naunawaan mo ang larangang ito ng kaalaman, hindi ka na magiging walang-ingat sa paghawak ng anumang bagay na may kuryente, at malalaman mo na kung paano gamitin ang kuryente. Ang mga ito ay parehong positibong mga bagay.

Hinango mula sa "Ang Diyos Mismo, ang Natatangi V" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Tiyak na maraming haka-haka at ideya ang mga tao tungkol sa paniniwala sa Diyos. Iniisip pa ng ilan na wala silang matutuhan matapos nilang magsimulang maniwala sa Diyos. Naniniwala silang kikilos ang Diyos pagdating ng panahon, at kapag gumawa ang Diyos ng mga palatandaan at kababalaghan, may magagawa ang mga tao. Ito ang mga haka-haka at kure-kuro ng tao. Ang mga kasanayan at kaalaman na dapat malaman ng mga tao na may kaugnayan sa kanilang tungkulin ay dapat lapitan at pag-aralan bilang naaangkop sa tungkulin; huwag mangarap nang walang ginagawa at huwag umasa sa iyong haka-haka—kung anong hinihiling ng Diyos sa mga tao na gawin ay siyang dapat nilang makamit, at kung anuman ito, tanggapin ito bilang iyong tungkulin at seryosohin ito. Ito ang dapat na pananaw ng mga tao tungo sa kanilang tungkulin, at hindi ito

isang kuru-kuro, ito ang katotohanan, at ito rin ang hinihiling ng Diyos. Karamihan sa oras, ang ginagawa ng Diyos ay salungat sa pag-iisip ng mga tao. Kung magagawa ng mga taong itabi ang kanilang mga kuru-kuro, hanapin ang kalooban ng Diyos, at hanapin ang mga katotohanang prinsipyo, matatanggap nila ang mga ginagawa ng Diyos kung gayon. Kung matigas ang ulo mo at tumatangging bitawan ang iyong mga kuru-kuro, ito ay katumbas sa hindi pagtanggap ng katotohanan, sa hindi pagtanggap ng mga bagay na tama. Kung hindi mo tanggapin ang katotohanan at mga bagay na tama, masasabi bang galit ka sa Diyos? Ang katotohanan at positibong mga bagay ay nagmula sa Diyos. Kung hindi mo tanggapin ang mga ito, at kumakapit pa rin sa iyong sariling mga kuru-kuro, malinaw na ipinapakita nitong ikaw ay galit sa katotohanan.

Hinango mula sa “Sa pamamagitan lamang ng Paglutas ng mga Kuro-kuro Maaaring Makapasok sa Tamang Landas ng Paniniwala sa Diyos (1)” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

May iba’t ibang proyekto sa gawain ng pagpapalaganap ng ebanghelyo, at kinakailangan ng mga ito na maging dalubhasa sa pag-aaral ng iba’t ibang kasanayan at propesyon ang mga tao. Hindi nauunawaan ng ilang tao ang kalooban ng Diyos at sila ay madaling mapariwara: Sumusuong lang sila sa isang propesyon o kasanayan at hindi tinatanggap ang katotohanan. Anong uring mga tao sila? (Sila ang mga uring may disposisyon ng anticristo, na nakatuon lang sa mga kaloob.) Tama—iyan ang uri ng taong inihahayag, ang uring may disposisyon ng anticristo, at, sa malulubhang sitwasyon, sila ay tunay ngang mga anticristo. Nais nilang gamitin ang pagkakataong ito upang matutunan ang mga bagay na ito, at pagkatapos ay mahigitan ang lahat ng may katulad na kasanayan at propesyon, upang maging siyang natutunan ito nang pinakamabuti at pinakamahusay dito, siya na dapat asahan ng iba sa lahat ng kanilang ginagawa. Habang nangunguna sila sa kanilang larangan, ginagawa nilang makinig ang iba sa kanila, at ginagamit nila ito bilang pamalit sa pagsasagawa ng katotohanan. Nandito ang problema. Sino-sino

ang ganitong mga tao? Ang mga gusto lang mag-aral at bigyan ang kanilang mga sarili ng iba't ibang kaalaman, natutuhan, at mga karanasan, na umaasa sa kanilang kakayahan, mga talento, at mga kaloob sa paggawa ng lahat, sa malao't madali, ay tatahak sa ganitong landas. Hindi ito maiiwasan, at ito ang landas ni Pablo. Sa anumang gawain, anumang larangan, bagama't maaaring nagkaroon ka ng mas malawak na karanasan o kaalaman kaysa sa iba, o mas natuto sa pamamagitan ng karanasan kaysa sa kanila, hindi ito sapat upang maipakita na naunawaan mo na ang katotohanan, o na ikaw ay nakapasok na sa realidad ng katotohanan, o na ikaw ay nagtataglay ng katotohanan. Kung gayon, ano ang magiging sapat upang maipakita ito? Ang magiging sapat upang maipakita ito ay ang pagkakaroon ng mas mabuting pagkaunawa sa mga prinsipyong nakapailalim sa pagganap ng isang tungkulin habang pinag-aaralan ang mga kaugnay na kasanayan at propesyon nito, at ang pagkakaroon ng mas mabuting pagkaunawa sa mga kinakailangang pamantayan para sa pagganap ng tungkuling ito sa tahanan ng Diyos. Para sa ilang tao, habang lalo mong hinihingi sa kanila na pag-aralan ang kaalaman ng isang propesyon, mas tumatanggi sila. Pakiramdam nila ay hindi nila kayang gampanan ang kanilang tungkulin, at, bilang pagdadahilan, tinatanong nila: Yamang ang paniniwala sa Diyos ay dapat panatilihing nakahiwalay sa mundo ng mga hindi naniniwala, bakit natin kailangang matutunan ang mga kasanayan at kaalaman ng mga hindi naniniwala? Ayaw lang talaga nilang mag-aral. Ito ay katamaran. Walang pananagutan ang kanilang pagkilos, at wala silang katapatan, na walang pagnanais na magsikap kahit sa maliit na bagay na ito. Ang sigla sa pag-aaral ng isang kasanayan at propesyon ay ang pagtupad sa tungkulin, at malaki ang dapat mong matamong kadalubhasaan at batayang kaalaman ng mga bagay na hindi mo kinasangkutan noon. Ito ang hinihingi ng Diyos sa tao at ito ang gawaing ipinagkakatiwala ng Diyos sa tao; kaya hindi mo pinag-aaralan ang mga bagay na ito nang walang kabuluhan, kundi alang-alang sa pagtupad ng iyong tungkulin.

Hinango mula sa "Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang

Nilikha ng Diyos ang bawat tao nang may kanya-kanyang kadalubhasaan. Ang ilan ay mahusay sa panitikan, ang ilan ay sa matematika, at ang ilan ay mahusay sa malalimang pag-aaral ng isang kasanayan, gaya ng pagmemekaniko, pagkakarpintero, o pagmamason. Marahil ang mga kadalubhasaan ng ilang tao ay galing sa sistematikong edukasyon sa lipunan; o marahil, mula sa likas na kakayahan ng isang tao. Kapag naging dalubhasa na ang isang tao sa isang kasanayan, kung ang kadalubhasaan mang iyon ay natutunan niya o produkto ng kanyang kakayahan, masaya siya at kuntentong isipin na mayroon siyang “matatag na mapagkakakitaan”; pinahahalagahan niya ang kanyang kasanayan bilang isang uri ng kapital, na nakakaabala. Kaya, paano ba dapat tingnan ang ganitong mga bagay? Kung kapaki-pakinabang sa bahay ng Diyos ang mga ito, ang mga ito ay mga kasangkapan lamang upang matupad mo ang iyong tungkulin, at wala silang kaugnayan sa katotohanan. Samakatuwid, ano ang nauugnay sa katotohanan? Ang makinig sa mga salita ng Diyos at kumilos alinsunod sa mga prinsipyo habang ginagamit mo ang iyong kasanayan at propesyon upang gawin ang iyong tungkulin; ang gawing kasangkapan ang iyong kasanayan at propesyon, na gagamitin mo upang gampanan ang iyong tungkulin, at ang gamitin nang mas mahusay ang kasangkapang iyon, upang mas mahusay mong magampanan ang iyong tungkulin, gamit ang kasangkapang iyon sa pagtupad ng iyong tungkulin—ito ay kapaki-pakinabang. Subalit gaano man kapaki-pakinabang ang ganitong mga bagay, ang mga ito ay hindi maaaring maging ang katotohanan; gaano ka man kadalubhasa sa iyong kasanayan at propesyon, at gaano man kadakila ang iyong mga nakamit sa iyong talento, ang mga bagay na ito ay hindi kailanman maaaring maging ang katotohanan, ni magsilbing puhunan o alas mo sa pakikipagtawaran sa iyong paghahangad na magawang perpekto. Ang mga ito ay mga patay na bagay magpakailanman, na walang kinalaman sa katotohanan.

Hinango mula sa “Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang

152. Ang mga Prinsipyo Kung Paano Pakikitunguhan ang Kaalaman at Siyensiya

(1) Hindi ang kaalaman ni ang siyensiya ang katotohanan; kasangkapan ang mga ito na ginagamit ni Satanas at ng mga demonyo upang gawing tiwali ang tao. Patungo sa pagkawasak ang landas nang paghahangad sa kaalaman at siyensiya;

(2) Hindi kaalaman ni siyensiya ang makapagliligtas sa sangkatauhan. Gagawin lang siyang tiwali ng mga ito, sanhi upang iwasan niya ang Diyos at tanggihan ang katotohanan, at naghahatid ng kalamidad sa kanya;

(3) Mas nagmamataas at palalo kapag mayroong mas maraming kaalaman ang isang tao, at mas malakas ang pagtutol nila sa Diyos. Mas mali at hangal ang kanilang mga kaisipan at mga pananaw kapag mayroong mas maraming kaalaman. Tinutulak ng kaalaman ang isang tao na kamuhian ang katotohanan;

(4) Hindi ang kaalaman ni ang siyensiya ang makalulutas sa usapin ng katiwalian ng tao; mapapabilis lang ng mga ito ang kanyang pagkawasak. Ang katotohanan lamang ang makapagliligtas sa sangkatauhan.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Mula nang unang magkaroon ang tao ng agham panlipunan, ang isip ng tao ay naging abala sa agham at kaalaman. Ang agham at kaalaman ay naging mga kagamitan para sa pamumuno ng sangkatauhan, at doon ay wala nang sapat na puwang para sa tao upang sambahin ang Diyos, at walang kanais-nais na mga kondisyon para sa pagsamba sa Diyos. Ang posisyon ng Diyos ay lumubog nang lalo pang mas mababa sa puso ng tao. Kung wala ang Diyos sa kanyang puso, ang panloob na mundo ng tao ay madilim, walang pag-asa, at walang kabuluhan. Dahil dito, lumitaw ang maraming panlipunang siyentipiko, mananalaysay, at mga pulitiko upang magpahayag ng mga teorya ng agham panlipunan, teorya ng ebolusyon ng tao, at iba pang mga teorya na sumasalungat sa katotohanan na nilikha ng

Diyos ang tao upang punuin ang puso at isip ng tao. At sa ganitong paraan, ang mga naniniwala na ang Diyos ang lumikha ng lahat ng bagay ay lalo pang nangaunti, at ang mga naniniwala sa teorya ng ebolusyon ay lalo pang dumami ang bilang. Parami nang parami ang mga tao na itinuturing ang mga talaan ng gawain ng Diyos at Kanyang mga salita sa kapanahunan ng Lumang Tipan bilang mga alamat at mga kathang-isip. Sa kanilang mga puso, ang mga tao ay nagwalang-bahala sa karangalan at kadakilaan ng Diyos, sa doktrina na ang Diyos ay umiiral at namamahala sa lahat ng bagay. Ang pagpapanatili ng sangkatauhan at ang kapalaran ng mga bayan at mga bansa ay hindi na mahalaga sa kanila. Nakatira ang tao sa isang walang kabuluhang mundo na ang iniintindi lamang ay pagkain, pag-inom, at ang paghahangad ng kasiyahan. … Iilang tao lang ang umaako sa paghanap kung saan kumikilos ngayon ang Diyos, o naghahanap kung paano Niya pinamumunuan at inaayos ang hantungan ng tao. At sa ganitong paraan, nang hindi namamalayan ng tao, ang sibilisasyon ng tao ay lalo pang nawawalan ng kakayahang tugunan ang mga kagustuhan ng tao, at maraming tao pa nga ang nakararamdam na, sa pamumuhay sa ganitong mundo, sila ay hindi gaanong masaya kung ihahambing sa mga taong yumao na. Maging ang mga tao ng mga dating napakaunlad na sibilisadong bayan ay nagpapahayag ng mga naturang hinaing. Sapagkat kung walang patnubay ng Diyos, gaano man pakaisipin ng mga pinuno at sosyolohista na maingatan ang sibilisasyon ng tao, ito ay walang kabuluhan. Walang sinuman ang makapupuno ng kawalan sa puso ng tao, dahil walang sinuman ang maaaring maging buhay ng tao, at walang teoryang panlipunan ang maaaring magpalaya sa tao mula sa kawalan na nagpapahirap sa kanya. Agham, kaalaman, kalayaan, demokrasya, paglilibang, kaginhawahan, ang mga ito ay nagdadala lamang ng pansamantalang pahinga sa tao. Kahit na mayroong ganitong mga bagay, ang tao ay hindi maiiwasang magkasala at dumaing sa kawalang katarungan ng lipunan. Hindi mababawasan ng mga bagay na ito ang pagnanasa at hangarin ng tao na tumuklas. Sapagkat ang tao ay nilalang ng Diyos at ang walang katuturang mga sakripisyo at mga pagtuklas ng tao

ay maaari lamang humantong sa mas marami pang pagdurusa at maaari lamang maging dahilan upang ang tao ay umiral sa hindi nagbabagong kalagayan ng pagkatakot, hindi nalalaman kung paano haharapin ang kinabukasan ng sangkatauhan, o kung paano haharapin ang landas sa hinaharap. Maging ang agham at kaalaman ay katatakutan ng tao, at higit na kakatakutan ang pakiramdam ng kawalan. Sa mundong ito, ikaw man ay nakatira sa isang malayang bayan o sa isang bayan na walang mga karapatang pantao, ikaw ay ganap na walang kakayahang takasan ang kapalaran ng sangkatauhan. Ikaw man ang pinuno o ang pinamumunuan, ikaw ay ganap na walang kakayahang takasan ang pagnanais na galugarin ang kapalaran, mga hiwaga, at hantungan ng sangkatauhan. Mas lalo ka pang walang kakayahang takasan ang nakalilitong diwa ng kawalan. Ang ganitong mga pangyayari, na karaniwan sa buong sangkatauhan, ay tinatawag ng mga sosyolohista na mga di-pangkaraniwang pangyayari sa lipunan, ngunit walang dakilang taong maaaring lumitaw upang lutasin ang naturang mga problema. Ang tao, kung sabagay, ay tao, at ang posisyon at buhay ng Diyos ay hindi mapapalitan ng sinumang tao. Ang sangkatauhan ay hindi lang basta nangangailangan ng isang makatarungang lipunan kung saan lahat ng tao ay kumakain nang sapat at pantay-pantay at malaya. Ang kailangan ng sangkatauhan ay ang kaligtasan ng Diyos at ang Kanyang pagbibigay ng buhay sa kanila. Kapag natatanggap ng tao ang ibinibigay na buhay ng Diyos at ang Kanyang kaligtasan, saka lamang malulutas ang mga pangangailangan, kasabikang tumuklas, at espirituwal na kawalan ng tao. Kung ang mga tao ng isang bayan o ng isang bansa ay hindi makatatanggap ng pagliligtas at pag-aalaga ng Diyos, tatahakin ng bansa o bayang iyon ang landas tungo sa pagkawasak, patungo sa kadiliman, at lilipulin ito ng Diyos.

Hinango mula sa “Ang Diyos ang Namumuno sa Kapalaran ng Buong Sangkatauhan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang kaalaman ba’y iniisip ng lahat na isang positibong bagay? Kahit paano, iniisip ng mga tao na ang salitang “kaalaman” ay nagpapahiwatig

ng positibo kaysa negatibo. Kung gayon, bakit natin binabanggit dito na gumagamit si Satanas ng kaalaman upang gawing tiwali ang tao? Ang teorya ng ebolusyon ba'y isang aspeto ng kaalaman? Hindi ba't ang mga batas ng siyensya ni Newton ay bahagi ng kaalaman? Ang paghila ng grabidad ng daigdig ay bahagi ng kaalaman, tama? (Oo.) Kung gayon, bakit inililista ang kaalaman na kasama sa mga bagay na ginagamit ni Satanas upang gawing tiwali ang sangkatauhan? Ano ang pananaw ninyo dito? Mayroon bang kahit katiting na katotohanan sa kaalaman? (Wala.) Kung gayon, ano ang diwa ng kaalaman? Sa anong basehan natututuhan ng tao ang lahat ng kaalamang kanyang napag-aaralan? Ito ba ay base sa teorya ng ebolusyon? Hindi ba't nakabatay sa ateismo ang kaalaman na natamo ng tao sa pamamagitan ng pagsisiyasat at pagbubuod? Mayroon bang kaugnayan sa Diyos ang alinman sa kaalamang ito? May kaugnayan ba ito sa pagsamba sa Diyos? Ito ba ay konektado sa katotohanan? (Hindi.) Kung gayon, paano ginagamit ni Satanas ang kaalaman upang gawing tiwali ang tao? Kasasabi Ko lang na walang anuman sa kaalamang ito ang konektado sa pagsamba sa Diyos o sa katotohanan. Ganito ito iniisip ng ilang tao: "Maaaring walang kinalaman sa katotohanan ang kaalaman, ngunit hindi pa rin nito ginagawang tiwali ang mga tao." Ano ang inyong pananaw dito? Tinuruan ka ba ng kaalaman na ang kaligayahan ng tao ay nakadepende sa malilikha gamit ang sariling mga kamay? Tinuruan ka ba ng kaalaman na ang kapalaran ng tao ay nasa kanyang sariling mga kamay? (Oo.) Anong uri ng pagsasalita ito? (Ito ay mala-diyablong pagsasalita.) Magaling! Ito ay mala-diyablong pagsasalita! Kumplikadong talakayin ang kaalaman. Maaari mong isipin na ang isang larangan ng kaalaman ay kaalaman lamang. Iyon ay isang larangan ng kaalaman na natututuhan batay sa hindi pagsamba sa Diyos at kakulangan ng pagkaunawa na nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay. Kapag pinag-aaralan ng mga tao ang ganitong uri ng kaalaman, hindi nila nakikita ang Diyos na nagkakaroon ng kapamahalaan sa lahat ng bagay; hindi nila nakikita ang Diyos bilang namumuno o namamahala sa lahat ng bagay. Sa halip, ang tangi nilang ginagawa ay walang humpay na pananaliksik at pagsisiyasat

sa larangang iyon ng kaalaman, at naghahanap ng mga kasagutan batay sa kaalaman. Gayunpaman, hindi ba't kung hindi naniniwala ang mga tao sa Diyos at sa halip ay nagpapatuloy lamang sa pananaliksik, hindi sila kailanman makakahanap ng mga totoong kasagutan? Binibigyan ka lamang ng kaalaman ng kabuhayan, trabaho, at kita upang hindi ka magutom; ngunit hindi ka nito kailanman pasasambahin sa Diyos, at hindi ka nito kailanman ilalayo sa kasamaan. Habang lalo mong pinag-aaralan ang kaalaman, lalo mong nanaising magrebelde sa Diyos, upang ipailalim ang Diyos sa iyong pagsasaliksik, upang tuksuhin ang Diyos, at kalabanin ang Diyos. Kaya ngayon, ano ang ating nakikita na itinuturo ng kaalaman sa mga tao? Ang lahat ng ito ay pilosopiya ni Satanas. Mayroon bang kaugnayan sa katotohanan ang mga pilosopiya at mga panuntunan ng pamumuhay na ikinakalat ni Satanas sa mga tiwaling tao? Walang kinalaman ang mga ito sa katotohanan at, sa katunayan, ito ay mga kabaliktaran ng katotohanan. Madalas sinasabi ng mga tao na "Ang buhay ay paggalaw" at "Ang tao ay bakal, ang kanin ay bakal, ang tao ay nakakaramdam ng pagkagutom kapag lumalaktaw siya ng pagkain"; ano ang mga kasabihang ito? Ang mga ito ay kasinungalingan at nakakainis ang mga itong marinig. Sa tinaguriang kaalaman ng tao, naglagay si Satanas ng marami-raming pag-iisip at pilosopiya nito sa pamumuhay. At habang ginagawa ito ni Satanas, pinahihintulutan nito ang tao na tanggapin ang kanyang pag-iisip, pilosopiya, at pananaw upang maaaring itanggi ng tao ang pag-iral ng Diyos, itanggi ang kapamahalaan ng Diyos sa lahat ng bagay at sa kapalaran ng tao. Kaya't habang sumusulong ang pag-aaral ng tao at lumalago ang kanyang kaalaman, nararamdaman niyang ang pag-iral ng Diyos ay nagiging malabo at maaari ding makaramdam na hindi na umiiral ang Diyos. Sa pagdaragdag ni Satanas ng mga pananaw, mga kuru-kuro, at mga kaisipan sa isip ng tao, hindi ba't ginagawang tiwali ang tao sa pamamagitan nito? (Oo.) Ano ang pinagbabatayan ngayon ng tao ng kanyang buhay? Dumedepende ba talaga siya sa kaalamang ito? Hindi; ibinabatay ng tao ang kanyang buhay sa mga kaisipan, pananaw, at pilosopiya ni Satanas na nakakubli sa loob ng kaalamang ito. Dito

nagaganap ang pangunahing bahagi ng pagtitiwali ni Satanas; ito ang layon ni Satanas at ang pamamaraan nito upang gawing tiwali ang tao.

Hinango mula sa “Ang Diyos Mismo, ang Natatangi V” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa proseso ng pagkatuto ng tao ng kaalaman, ginagamit ni Satanas ang lahat ng paraan, maging ito man ay pagkukuwento, simpleng pagbibigay sa kanila ng ilang indibidwal na piraso ng kaalaman, o pagpapahintulot sa kanila na masapatan ang kanilang mga kagustuhan o ambisyon. Sa anong daan ka nais akayin ni Satanas? Iniisip ng mga tao na walang mali sa pagkatuto ng kaalaman, na ito ay ganap na natural. Upang ilagay ito sa paraang nakakaakit pakinggan, ang magtaguyod ng matatayog na mithiin o ang magkaroon ng mga ambisyon ay pagkakaroon ng mga hangarin, at ito dapat ang tamang landas sa buhay. Hindi ba mas maluwalhating paraan para sa mga tao na mabuhay kung matatanto nila ang kanilang sariling mga mithiin o matagumpay na makapagtatag ng isang karera sa kanilang buhay? Sa paggawa ng mga bagay na ito, hindi lamang mapararangalan ng isang tao ang sariling mga ninuno bagkus ay maaari ring mag-iwan ng isang tatak sa kasaysayan—hindi ba ito isang mabuting bagay? Ito ay isang mabuting bagay sa mga mata ng mga taong makamundo, at sa kanila ay dapat itong maging angkop at positibo. Si Satanas ba, gayunpaman, kasama ang masasamang motibo nito, ay dinadala lang ang mga tao sa ganitong uri ng daan at pagkatapos ay ganoon na lamang? Siyempre hindi. Sa katunayan, gaano man katayog ang mga mithiin ng tao, gaano man kamakatotohanan ang mga pagnanais ng tao o gaano man maaaring kaangkop ang mga ito, ang lahat ng ninanais matamo ng tao, ang lahat ng hinahanap ng tao, ay pawang nauugnay sa dalawang salita. Ang dalawang salitang ito ay lubhang mahalaga sa buhay ng bawa’t tao, at ang mga ito ay mga bagay na binabalak na ikintal ni Satanas sa tao. Ano ang dalawang salitang ito? Ang mga ito ay “katanyagan” at “pakinabang.” Si Satanas ay gumagamit ng isang napakatusong uri ng paraan, isang paraang lubos na kaayon ng mga

kuru-kuro ng mga tao, na hindi naman radikal, kung saan ay nagiging sanhi na walang kamalayang tanggapin ng mga tao ang uri ng pamumuhay nito, ang mga patakaran nito upang mabuhay, at magtatatag ng mga layunin sa buhay at kanilang direksyon sa buhay, at sa ganoon nagkakaroon din sila ng mga ambisyon sa buhay nang hindi namamalayan. Gaano man katayog magmistula ang mga mithiing ito sa buhay, ang mga ito ay pawang nauugnay sa “katanyagan” at “pakinabang”. Sinumang dakila o tanyag na tao—lahat ng tao, sa katunayan—anumang bagay na sinusunod nila sa buhay ay nauugnay lamang sa dalawang salitang ito: “katanyagan” at “pakinabang.” Iniisip ng mga tao na sa sandaling magkaroon sila ng katanyagan at pakinabang, maaari na nila kung gayong samantalahin ang mga ito upang tamasahin ang mataas na katayuan at malaking kayamanan, at upang masiyahan sa buhay. Iniisip nila na ang katanyagan at pakinabang ay mga uri ng puhunan na maaari nilang gamitin upang magkamit ng isang buhay na mapaghanap-ng-kaluguran at walang-pakundangan sa pagtatamasa ng laman. Alang-alang sa katanyagan at pakinabang na ito na iniimbot ng sangkatauhan, ang mga tao ay kusang-loob, hindi man namamalayan, na ibinibigay ang kanilang mga katawan, mga isip, at lahat ng mayroon sila, ang kanilang kinabukasan at kanilang mga tadhana, kay Satanas. Ginagawa nila ito nang wala ni isang sandali ng pag-aatubili, kailanman ay mangmang sa pangangailangan na mabawi ang lahat ng naibigay na nila. Mapapanatili ba ng mga tao ang anumang kontrol sa kanilang mga sarili sa sandaling manganlong sila kay Satanas sa ganitong paraan at maging tapat dito? Tiyak na hindi. Sila ay ganap at lubos na kontrolado ni Satanas. Sila rin ay ganap at lubos na nalublob sa isang putikan, at hindi magawang mapalaya ang kanilang mga sarili. Kapag ang isang tao ay nasadlak sa katanyagan at pakinabang, hindi na nila hinahanap ang maliwanag, ang matuwid, o ang mga bagay na maganda at mabuti. Ito ay dahil sa ang nakatutuksong kapangyarihan na mayroon ang katanyagan at pakinabang sa mga tao ay napakalaki; at ang mga ito ay nagiging mga bagay para hangarin ng mga tao sa buong buhay nila at maging sa walang hanggan nang walang katapusan. Hindi ba ito totoo?

Ilang tao ang magsasabing ang pagkatuto ng kaalaman ay katulad lamang ng pagbabasa ng mga aklat o pagkatuto ng ilang bagay na hindi pa nila alam upang hindi mahuli sa mga panahon o hindi mapag-iwanan ng mundo. Ang kaalaman ay pinag-aaralan lamang upang makapaglagay sila ng pagkain sa hapag, para sa kanilang sariling kinabukasan, o para sa pangunahing mga pangangailangan. Mayroon bang kahit sinong tao ang magtitiis ng isang dekada ng puspusang pag-aaral para lamang sa pangunahing mga pangangailangan, para lamang lutasin ang usapin ng pagkain? Wala, walang mga taong ganito. Kaya bakit nagpapakahirap ang isang tao sa lahat ng mga taon na ito? Ito ay para sa katanyagan at pakinabang. Ang katanyagan at pakinabang ay naghihintay sa hinaharap para sa kanila, tumatawag sa kanila, at naniniwala sila na sa pamamagitan ng kanilang sariling sipag, mga paghihirap at pagpupunyagi saka lamang nila masusundan ang daan na magdadala sa kanila sa katanyagan at pakinabang. Ang nasabing tao ay dapat pagdusahan ang mga paghihirap na ito para sa kanilang sariling hinaharap na landas, para sa kanilang hinaharap na kasiyahan at upang magkamit ng mas magandang buhay. Ano naman kaya ang kaalamang ito—maaari ba ninyong sabihin sa Akin? Hindi ba ito ang mga patakaran ng pamumuhay na ikinintal sa mga tao, mga patakarang itinuturo sa kanila ni Satanas sa kalagitnaan ng kanilang pagkatuto ng kaalaman? Hindi ba ito ang “matatayog na mithiin” ng buhay na ikinintal sa tao ni Satanas? Gaya halimbawa, ang mga ideya ng mga dakilang tao, ang integridad ng mga sikat o matatapang na espiritu ng mga bayani, o ang pagkamaginoo at kabaitan ng mga bida at mga eskrimador sa mga nobela ng sining ng pakikipaglaban—hindi ba ang lahat ng ito ay paraan kung saan ikinikintal ni Satanas ang mga mithiing ito? (Oo, sila nga.) Ang mga ideyang ito ay nakakaimpluwensya sa sali’t salinlahi, at ang mga tao sa bawat salinlahi ay tinuturuang tanggapin ang mga ideyang ito, upang mabuhay para mga ideyang ito at hangarin ang mga ito nang walang katapusan. Ito ang daan, ang lagusan, na kung saan ginagamit ni Satanas ang kaalaman upang gawing tiwali ang tao.

Hinango mula sa “Ang Diyos Mismo, ang Natatangi VI” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa

Ano ang inihahatid ng kaalaman ng tao? Kapag mas maraming alam ang mga tao, nagiging mas madasalin o mas takot ba sila sa Diyos, o mas nawawalan sila ng galang? (Mas nawawalan sila ng galang.) Dahil marami nang natutuhan, nagiging mas kumplikado, matigas ang ulo, walang galang ang mga tao—ngunit may isa pang bagay silang hindi natatanto: Kapag marami na silang natamong kaalaman, naguguluhan na ang kalooban ng mga tao, at nawawalan na sila ng mga prinsipyo, at kapag mas marami silang natamong kaalaman, mas naguguluhan sila. Sa kaalaman, matatagpuan ba ang mga sagot sa mga tanong kung bakit nabubuhay ang tao at ano ang halaga at kabuluhan ng buhay ng tao? Matatagpuan ba ang mga konklusyon kung saan nanggaling ang mga tao at saan sila papunta? Masasabi ba sa iyo ng kaalaman na nanggaling ka sa Diyos at nilikha ka ng Diyos? (Hindi.) Kaya, ano ba, talaga, ang sinasaliksik ng tao o natatanim sa kanilang isipan kapag nagtatamo sila ng kaalaman? Mga materyal na bagay, mga bagay na laban sa Diyos, mga bagay na nakikita at nakikilala ng mga tao, na karamihan ay nagmumula sa mga imahinasyon ng mga tao at hindi talaga totoo. Ang kaalaman ay nagtatanim din sa mga tao ng mga pilosopiya, ideolohiya, teorya, mga batas ng kalikasan, at kung anu-ano pa, subalit maraming bagay na hindi nito maipaliwanag. Paano nabubuo ang kidlat, halimbawa, o bakit nagbabago ang mga panahon. Maibibigay ba sa iyo ng kaalaman ang mga sagot na iyon? Bakit kasalukuyang nagbabago at nagiging abnormal ang klima? Maisasaayos ba ito ng kaalaman? Malulutas ba nito ang problemang ito? (Hindi.) Hindi nito masasabi sa iyo ang mga isyung nauugnay sa pinagmumulan ng lahat ng bagay, kaya hindi nito malulutas ang mga problemang iyon. Mayroon ding mga taong nagtatanong, “Paano mabubuhay na muli ang isang tao pagkatapos mamatay?” Naibigay na ba sa iyo ng kaalaman ang sagot dito? (Hindi.) Ano, kung gayon, ang sinasabi ng kaalaman sa mga tao? Sinasabi nito sa mga tao ang maraming kaugalian at panuntunan. Ang paggalang sa magulang, halimbawa, ay isang klase rin ng kaalaman. Saan nagmula ang

kaalamang ito? Itinuturo ito ng tradisyonal na kultura. Ano, kung gayon, ang idinudulot ng lahat ng kaalamang ito? Ano ang diwa ng kaalaman? Sa mundong ito, maraming taong nakabasa sa panitikang kanoniko, nagtamo ng mataas na antas ng edukasyon, at maalam, o nagpakadalubhasa sa kaalaman sa isang espesyal na larangan. Kaya, sa landas ng buhay, may tamang direksyon at layunin ba ang gayong mga tao? Mayroon ba silang batayan at mga prinsipyo para sa kanilang pag-uugali? Dagdag pa riyan, marunong ba silang sumamba sa Diyos? At dagdag pa rin diyan, nauunawaan ba nila ang anumang katotohanan? (Hindi.) Kaya, ano ang kaalaman? Ano ang ibinibigay ng kaalaman sa mga tao? Sa mundong ito, mas simple ba ang mga kaugnayan sa pagitan ng mga tao bago o pagkatapos silang magtamo ng kaalaman? (Bago.) Ano ang ipinapakita nito? Ang kaalaman ay ginagawang mas kumplikado ang mga tao, at pinapalala ang kawalan nila ng normal na pagkatao. Iyan ang ginagawa nito sa kanila. At ano ang kahihinatnan nito? Kapag mas maraming natututuhan ang mga tao, mas napapalayo sila sa Diyos at tumatanggi sa katotohanan, at nagiging mas panatiko at kakatwa sila.

Hinango mula sa “Kung Ano Talaga ang Inaasahan ng Mga Tao Para Mabuhay” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Alam ba ninyo kung paano isinasaalang-alang ng Diyos ang kaalaman? Sinasabi ng ilan na ibig ng Diyos na sumulong sa agham ang tao at higit na makaunawa. Totoong ibig ng Diyos ang pinakamabuti para sa tao. Hindi hinahangad ng Diyos na ang tao ay walang maunawaan, na maging mangmang sa lahat ng bagay, nguni’t ginagamit ng Diyos ang mga bagay na ito sa paglilingkod sa Kanya, at hindi Niya sinasang-ayunan ang mga ito. Hindi Niya ginagamit ang mga ito bilang kapalit ng katotohanan, ni ginagamit Niya ang mga ito upang punan kung ano ang kakulangan sa pagkatao ng mga tao o upang baguhin ang kanilang mga disposisyon. Ang mga salita ng Diyos ay paminsan-minsang nangungusap ng mga pananaw at mga paraan ng pagtingin sa kaalaman. Bahagyang binabanggit ng mga ito ang tipikal na mga halimbawa tulad ng Confucianismo o mga agham

panlipunan, at mula sa mga salita ng Diyos ay dapat maging malinaw na kinamumuhian ng Diyos ang kaalaman ng tao. Ang kaalaman ng tao ay hindi lamang naglalaman ng mga simpleng pangungusap at teorya. May ilang ideolohiya at pananaw sa kaalamang iyon, gayundin ng katawa-tawang mga kuru-kuro ng mga tao at mga lason ni Satanas. Ang ilang kaalaman ay maaari pang makalinlang at magtiwali sa mga tao, at ang ganitong klaseng kaalaman ang lason at nakakakanser na tumor ni Satanas. Kapag tinanggap ito ng mga tao, pumapasok ito sa kanilang isipan at nagiging tiwali sila at nabibihag ng kaalamang ito. Kaya, kapag mas maraming natamong kaalaman ang mga tao at mas naunawaan ito, mas mahirap silang maniwala na mayroong Diyos. Sa halip, tinatanggihan at nilalabanan nila ang Diyos, dahil ang kaalaman ay nakikita at makamundo, at tinuturuan ka nito na pag-aralan at unawain ang mga bagay na nakikita at nahahawakan sa mundo. Hindi ka matutulungan ng kaalaman na maunawaan ang ugat ng anumang problema o madama kung paano ito nauugnay sa espirituwal na mundo. Ang kaalamang nauunawaan ng mga tao ay salungat sa salita ng Diyos at lubos na humahamon sa katotohanang salita ng Diyos. Sabihin nang nagbabasa ka ng mga libro ng kasaysayan, mga akda ng mga kilalang manunulat, mga talambuhay ng dakilang mga tao, o pinag-aaralan ang isang partikular na aspekto ng agham. Anong natatamo mo? Ang mga taong nag-aaral ng pisika, halimbawa, ay nakaiintindi ng partikular na mga prinsipyong pisikal—ang teorya ni Newton, o ilan sa iba pang teorya—at kapag napag-aralan na ang mga bagay na ito, kinokontrol ng mga ito ang isip, pinangangasiwaan ng mga ito ang iyong mga kaisipan, at pagkatapos, kapag binabasa mo ang mga salita ng Diyos, sasabihin mo sa iyong sarili, "Bakit walang binabanggit ang mga salita ng Diyos tungkol sa grabidad? O kalawakan? May atmospera ba ang buwan? Gaano karaming oxygen ang nasa mundo? Bakit walang binabanggit ang Diyos patungkol dito? Dapat ihayag ng Diyos ang gayong mga bagay. Ito ang mga bagay na kailangang maihayag, ito ang dapat na sabihin ng Diyos sa sangkatauhan." Hindi ka ba bumubuo ng gayong opinyon? Inilalagay mo ang katotohanan, ang mga

salita ng Diyos, sa pangalawahing posisyon, at kapag lumalapit ka sa mga salita ng Diyos, inuuna mo ang kaalaman at teorya na iyo nang napag-aralan. Ano't anuman, ang ganitong klase ng mga kaalaman ay makapagbibigay sa mga tao ng maling damdamin at maglalayo sa kanila sa Diyos. Naniniwala man kayo o hindi, tanggapin man ninyo ito ngayon o hindi, balang araw ay kikilalanin ninyo ang katotohanang ito. Ang kaalaman ay maaaring magpahamak sa mga tao at akayin sila sa impiyerno. Nauunawaan ba ninyo ito nang lubusan? Maaaring mabigat sa loob ng ilang tao na tanggapin ang mga salitang ito, sapagka't may mga kabilang sa inyo na marami ang taglay na kaalaman, na sa palagay nila ay may mataas silang pinag-aralan. Hindi Ko kayo tinutuya o ginagawang katawa-tawa; ito ay katotohanan. At hindi Ko hinihingi na tanggapin ninyo agad ito. Hinihingi Ko lang na unti-unti ninyong makilala ang mga bagay na ito. Ang kaalaman ay maaaring maging pader na humahadlang sa iyo na makilala ang Diyos at maranasan ang Kanyang gawain. Maaaring pahirapan ka nitong mapalapit sa Diyos, patuloy kang ilayo sa Kanya, at gamitin ang iyong isipan at kaalaman sa pag-unawa sa lahat ng ginagawa ng Diyos at pag-aaral dito. Pero dahil may kaunti na kayong alam, ano ang magagawa ninyo? Kailangan ninyong unawain at suriin ang mga bagay batay sa inyong kaalaman at kung paano ito nakakahadlang at nakakagambala sa inyong normal na kaugnayan sa Diyos, at nakakagambala sa wastong pagpasok ninyo sa pananalig sa Diyos. Ganito ninyo dapat unawain ang kaalaman, at dapat kayong magkaroon ng tamang pagkaunawa sa paksang ito.

Hinango mula sa "Ano ang Pagbabago ng Disposisyon at ang Landas tungo sa Pagbabago ng Disposisyon" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ano ang siyensiya? Sa madaling sabi, ang siyensiya ay ang mga kaisipan at mga teorya ng mga bagay na inuusisa ng tao, mga bagay na lingid sa kaalaman, at hindi sinabi sa kanila ng Diyos; ang siyensiya ay ang mga kaisipan at mga teorya ng mga misteryo na nais siyasatin ng tao. Ano ang sakop ng siyensiya? Maaari mong sabihin na malawak ito; sinasaliksik

at pinag-aaralan ng tao ang lahat ng bagay na interesado siya. Sangkot ang siyensiya sa pananaliksik ng mga detalye at mga batas ng mga bagay na ito at saka pagpapalabas ng mga kapani-paniwalang teoryang nagiging sanhi upang mag-isip ang lahat: “Ang mga siyentipikong ito ay talagang nakamamangha! Napakarami nilang alam, sapat na upang maunawaan ang mga bagay na ito!” Labis ang paghanga nila para sa mga siyentipiko, hindi ba? Anong mga pananaw ang tinataglay ng mga taong nagsasaliksik tungkol sa siyensiya? Hindi ba’t nais nilang saliksikin ang tungkol sa sansinukob, saliksikin ang mga misteryosong bagay sa larangan nila? Ano ang kalalabasan nito? Sa ilang larangan ng siyensiya, binubuo ng mga tao ang kanilang mga konklusyon sa pamamagitan ng haka-haka, at sa iba naman ay umaasa sila sa karanasan ng tao para bumuo ng mga konklusyon. Sa iba pang larangan ng siyensiya, humahantong sa kanilang mga konklusyon ang mga taong ito batay sa obserbasyong pangkasaysayan at pang-kapaligiran. Hindi ba tama ito? Kung gayon, ano ang ginagawa ng siyensiya para sa mga tao? Ang ginagawa ng siyensiya ay pinahihintulutan lamang nito ang mga tao na makita ang mga bagay sa pisikal na mundo at binibigyang kasiyahan lamang ang pagkamausisa ng tao, ngunit hindi nito bibigyang kakayanan ang tao na makita ang mga batas na sa pamamagitan ng mga ito’y mayroong kapamahalaan ang Diyos sa lahat ng bagay. Tila nakakahanap ang tao ng mga kasagutan mula sa siyensiya, ngunit ang mga kasagutang iyon ay nakalilito at nagdadala lamang ng panandaliang kasiyahan, kasiyahan na nagsisilbi lamang na ikulong ang puso ng tao sa pisikal na mundo. Nararamdaman ng tao na nakuha nila ang mga kasagutan mula sa siyensiya, kaya naman anumang usapin ang lumitaw, sinisikap nilang patunayan o tanggapin ito batay sa kanilang mga siyentipikong pananaw. Naangkin na ng siyensiya ang puso ng tao at naaakit nito hanggang hindi na iniintindi ng tao na makilala ang Diyos, sambahin ang Diyos, at paniwalaan na ang lahat ng bagay ay nanggagaling sa Diyos at dapat na sa Kanya maghanap ang tao ng mga kasagutan. Hindi ba ito totoo? Habang lalong naniniwala ang isang tao sa siyensiya, mas lalo silang nagiging kakatwa, naniniwalang ang lahat

ay may siyentipikong solusyon, na lahat ay kayang lutasin ng pananaliksik. Hindi nila hinahanap ang Diyos at hindi sila naniniwala na Siya ay umiiral; maging ang ilang tao na sumusunod sa Diyos sa loob ng maraming taon ay hahayo at magsasaliksik tungkol sa bakterya sa isang iglap o maghahanap ng impormasyon para masagot ang isang usapin. Ang taong ganoon ay hindi tumitingin sa mga usapin mula sa perspektibo ng katotohanan at kadalasan ay gusto nilang dumepende sa mga siyentipikong pananaw o kaalaman o mga siyentipikong kasagutan para lutasin ang mga problema; hindi sila dumedepende sa Diyos at hindi nila hinahanap ang Diyos. Taglay ba ng mga taong ganito ang Diyos sa kanilang mga puso? (Hindi.) Mayroon pa ngang ilang tao na gustong saliksikin ang Diyos kung paanong pinag-aaralan nila ang siyensiya. Halimbawa, maraming ekspertong relihiyoso ang nakapunta na sa bundok kung saan napadpad ang arko, at sa gayon ay napatunayan nila na mayroon ngang arko. Ngunit hindi nila nakikita ang pag-iral ng Diyos sa paglitaw ng arko. Naniniwala lamang sila sa mga kuwento at sa kasaysayan; ito ang resulta ng kanilang siyentipikong pananaliksik at pag-aaral ng pisikal na mundo. Kapag nagsasaliksik ka sa mga materyal na bagay, maging ito man ay mikrobiyolohiya, astronomiya, o heograpiya, hindi mo kailanman mahahanap ang isang resulta na nagsasabing umiiral ang Diyos o na mayroon Siyang kapamahalaan sa lahat ng bagay. Kung gayon, ano ang ginagawa ng siyensiya para sa tao? Hindi ba nito inilalayo ang tao mula sa Diyos? Hindi ba nito pinahihintulutan ang mga tao na pag-aralan ang Diyos? Hindi ba nito mas pinagdududa ang mga tao tungkol sa pag-iral ng Diyos? (Oo.) Kung gayon, paano gustong gamitin ni Satanas ang siyensiya upang gawing tiwali ang tao? Hindi ba gusto ni Satanas na gamitin ang mga konklusyong siyentipiko upang linlangin at gawing manhid ang mga tao, at gamitin ang mga hindi tiyak na kasagutan upang panghawakan ang puso ng mga tao upang hindi na sila maghanap pa o maniwala sa pag-iral ng Diyos? (Oo.) Ito ang dahilan kaya natin sinasabi na ang siyensiya ay isa sa mga paraan na ginagawang tiwali ni Satanas ang mga tao.

Hinango mula sa “Ang Diyos Mismo, ang Natatangi V” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa

Ginagamit ni Satanas ang pangalan ng siyensiya upang bigyang-kasiyahan ang pagkamausisa ng tao, ang pagnanais ng tao na saliksikin ang siyensiya at siyasatin ang mga misteryo. Sa ngalan ng siyensiya, binibigyang-kasiyahan ni Satanas ang materyal na mga pangangailangan ng tao at kahilingan ng tao na tuluy-tuloy na iangat ang kalidad ng kanilang buhay. Kaya, sa ganitong pagdadahilan, ginagamit ni Satanas ang siyensiya upang gawing tiwali ang tao. Ang paraan lamang ba ng pag-iisip ng tao o ang isipan ng tao ang ginagawang tiwali ni Satanas gamit ang siyensya sa ganitong paraan? Sa mga tao, mga pangyayari, at mga bagay sa ating kapaligiran na ating makikita at ating nakakasalamuha, alin pa sa mga ito ang ginagawang tiwali ni Satanas sa pamamagitan ng siyensiya? (Ang likas na kapaligiran.) Tama. Tila kayo ay lubhang napinsala nito, at labis ding naapektuhan. Maliban sa paggamit ng iba’t ibang natuklasan at mga konklusyon ng siyensiya upang linlangin ang tao, ginagamit din ni Satanas ang siyensiya bilang isang paraan upang isakatuparan ang walang pakundangang pagkawasak at pagsasamantala sa kapaligirang tinitirhan ng tao na ipinagkaloob ng Diyos sa kanya. Ito ay ginagawa nito sa ilalim ng pagdadahilan na kung isasagawa ng tao ang siyentipikong pananaliksik, sa gayon ang kapaligirang tinitirhan ng tao at ang kalidad ng buhay ay bubuti nang bubuti, at idagdag pa na ang layunin ng siyentipikong pag-unlad ay upang tugunan ang patuloy na dumaraming materyal na pangangailangan ng tao at ang kanilang pangangailangang patuloy na iangat ang kalidad ng kanilang buhay. Ito ang pang-teoryang batayan sa pagpapaunlad ni Satanas sa siyensiya. Gayunpaman, ano ang naidulot ng siyensiya sa sangkatauhan? Ano ang bumubuo sa kapaligiran na nakaugnay sa atin? Hindi ba’t ang hangin na nilalanghap ng sangkatauhan ay dumumi na? Ang tubig ba na ating iniinom ay tunay na dalisay pa rin? (Hindi.) Ang pagkain bang ating kinakain ay natural? Ang karamihan nito ay pinalalago gamit ang patabang kemikal at nililinang gamit ang genetikong pagbabago, at mayroon ding mga pagbabagong bunga ng paggamit ng

iba’t ibang siyentipikong pamamaraan. Kahit na ang mga gulay at prutas na ating kinakain ay hindi na natural. Hindi na madali ngayon na makatagpo ng isang itlog na natural, at ang lasa ng mga itlog ay hindi na gaya ng dati, dahil naproseso na sa pamamagitan ng tinaguriang siyensiya ni Satanas. Kung titingnan sa pangkalahatan, ang buong atmospera ay nawasak at nadumihan; ang mga kabundukan, mga lawa, mga kagubatan, mga ilog, mga karagatan, at ang lahat ng nasa ibabaw at ilalim ng lupa ay nasira na ng tinaguriang mga tagumpay na siyentipiko. Sa madaling salita, ang buong kapaligirang likas, ang kapaligirang tinitirhan na ipinagkaloob ng Diyos sa sangkatauhan ay winasak at sinira ng tinaguriang siyensiya. Bagaman nakamit ng maraming tao ang inaasahan nila pagdating sa kalidad ng buhay na kanilang hinahanap, binibigyan-kasiyahan kapwa ang kanilang mga hangarin at ang kanilang laman, ang kapaligirang tinitirhan ng tao ay talagang nasira at winasak ng iba’t ibang “mga tagumpay” na dulot ng siyensiya. Ngayon, wala na tayong karapatang huminga ng isang hinga ng malinis na hangin. Hindi ba ito ang pagdadalamhati ng sangkatauhan? Mayroon pa rin bang natitirang kaligayahan na masasabing para sa tao, samantalang kailangan niyang manirahan sa ganitong uri ng espasyo? Ang espasyo at tinitirhang kapaligirang ito kung saan nabubuhay ang tao ay, simula’t sapul, nilikha ng Diyos para sa tao. Ang tubig na iniinom ng mga tao, ang hangin na nilalanghap ng mga tao, ang pagkain na kinakain ng mga tao, mga halaman, mga puno, at ang mga karagatan—ang bawat bahagi ng kapaligirang tinitirhang ito ay pawang ipinagkaloob ng Diyos sa tao; ito ay likas, umaandar ayon sa likas na batas na inilatag ng Diyos. Kung walang siyensiya, magiging maligaya sana ang mga tao at matatamasa ang lahat ng bagay sa pinakamalinis nitong anyo ayon sa paraan ng Diyos at ayon sa kung ano ang ipinagkaloob ng Diyos sa kanila na matatamasa nila. Ngayon, gayunpaman, ang lahat ng ito ay nasira at winasak ni Satanas; ang pangunahing tinitirhang espasyo ng tao ay wala na sa pinakamalinis nitong anyo. Subalit walang sinuman ang nakapansin kung ano ang naging sanhi ng ganitong uri ng kahihinatnan o kung paano ito nangyari, at mas marami pang tao ang nakakaunawa at lumalapit sa

siyensiya sa pamamagitan ng mga ideya na ikinintal sa kanila ni Satanas. Hindi ba ito lubos na kasuklam-suklam at kahabag-habag? Ngayon na nakuha na ni Satanas ang espasyo kung saan ang sangkatauhan ay umiiral at gayundin ang kanilang kapaligirang tinitirhan at ginawa silang tiwali sa ganitong kalagayan, at sa patuloy na pagsulong ng sangkatauhan sa ganitong paraan, mayroon bang anumang pangangailangan para sa Diyos na wasakin ang sangkatauhang ito? Kung magpapatuloy ang sangkatauhan na sumulong sa ganitong paraan, anong direksyon ang tatahakin nito? (Sila'y pupuksain.) Paano sila pupuksain? Bilang karagdagan sa sakim na paghahanap ng tao para sa katanyagan at pakinabang, patuloy nilang isinasagawa ang siyentipikong pagtuklas at malalimang pagsasaliksik, at pagkatapos ay walang-tigil na kumikilos sa paraang nagbibigay-kasiyahan sa kanilang sariling materyal na mga pangangailangan at mga hangarin; ano kung gayon ang mga kahihinatnan para sa tao? Una sa lahat, wala ng anumang balanseng ekolohikal at, kasabay nito, ang mga katawan ng mga tao, ang kanilang mga sangkap na panloob, ay nadungisang lahat at napinsala ng ganitong kapaligiran na wala sa ayos, at ang iba't ibang nakakahawang sakit at mga salot ay lumaganap sa lahat ng dako ng sanlibutan. Ito ay isang sitwasyon na wala na ngayong kontrol ang tao, hindi ba tama iyon? Ngayong nauunawaan na ninyo ito, kung ang sangkatauhan ay hindi susunod sa Diyos, bagkus palaging sinusunod si Satanas sa ganitong paraan—ginagamit ang kaalaman upang patuloy na payamanin ang kanilang mga sarili, ginagamit ang siyensiya upang walang-tigil na tuklasin ang hinaharap na buhay ng tao, ginagamit ang ganitong uri ng paraan upang patuloy na mabuhay—nakikilala ba ninyo kung paano ito magwawakas para sa sangkatauhan? (Mangangahulugan ito ng pagkalipol.) Oo, ito ay magwawakas sa pagkalipol: Papalapit nang papalapit ang sangkatauhan sa sarili niyang pagkalipol, paisa-isang hakbang! Ang siyensiya sa ngayon ay tila isang uri ng gayuma na inihanda ni Satanas para sa tao, upang kapag sinubukan ninyong unawain ang mga bagay-bagay ay gagawin ninyo ito nang naguguluhan; gaano man ninyo pakatingnan, hindi ninyo makikita nang

malinaw ang mga bagay, at gaano mo man pagsikapan, hindi mo mauunawaan ang mga ito. Si Satanas, gayunpaman, ay ginagamit ang pangalan ng siyensiya upang pasabikin ka at pangunahan kang hawak sa ilong, paisa-isang hakbang, tungo sa kailaliman at tungo sa kamatayan.

Hinango mula sa “Ang Diyos Mismo, ang Natatangi VI” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Walang anumang dami ng pag-unawa sa kaalaman, teorya, at iskolar ng materyal na mundo ang maaaring pumalit sa pag-unawa sa katotohanan. Sa pamamagitan lamang ng pag-unawa sa katotohanan, sa mga salita ng Diyos, at sa katotohanan at realidad ng kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng mga bagay mauunawaan ang lahat at walang pagsisisihan. Kahit na may mamatay ngayon, mararamdaman nilang nabuhay sila sa presensya ng Panginoon ng paglikha, na ang kanilang kamatayan ay nasa kamay ng Diyos. Mararamdaman ng isa na namamatay sila sa ilalim ng katas-taasang kapangyarihan ng Diyos, at masisiyahan sila sa puso, malaya sa pagsisisi at takot; dahikkung mabuhay man sila o mamatay ay ganap na nasa kamay ng Diyos, at walang dapat katakutan at walang dapat sisisihan. Ang mga pamilyar sa maraming kaalaman, na nag-aaral ng agham at mga misteryo, ay hindi nauunawaan ang katotohanan; iniisip ng mga taong ganon na ang pag-unawa at pagsasaliksik ng mga bagay na iyon kapaki-pakinabang, at, bilang bunga, mas nagiging magulo ang pag-iisip nila habang lal nilang nauunawaan ang mga bagay na iyon. Ang mga itong tumatanggap sa gawain ng Diyos sa mga huling araw ang pinakamatatalino. Pagkatapos sumailalim sa paghatol at pagkastigo nang ilang taon, di-namamalayan nilang nagagawang maunawaan ang layunin ng pamamahala ng Diyos sa sangkatauhan pati na rin ang hiwaga ng Kanyang pamamahala at pagliligtas sa sangkatauhan. Nagagawa nilang maunawaan ang kalooban ng Diyos at malaman ang kataas-taasan Niyang kapangyarihan. Nadarama nilang namumuhay sila ng mga pinagyamang buhay, nang may ginhawa, at nang may kahulugan. Tinutulutan ka ng Diyos na mabuhay, at kung magagawa

mong mabuhay para sa Diyos at mabuhay upang gampanan ang mga tungkulin ng isang nilikhang nilalang, kung gayon ay namumuhay ka ng isang makahulugang buhay. Kung ipinapamuhay mo ang buhay ng isang naglalakad na bangkay, na walang espiritu, hindi tinatanggap ang katotohanan, nabubuhay lang para sa laman, hindi ka namumuhay ng isang makahulugang buhay, dahil ang buhay mo ay walang halaga.

Hinango mula sa Pagbabahagi ng Diyos

Kung may tunay na pagkaunawa ang mga tao sa disposisyon ng Diyos, at nakapagbibigay ng taos-pusong papuri sa Kanyang kabanalan at katuwiran, nangangahulugan ito na tunay nga silang kumikilala sa Kanya at nagtataglay ng katotohanan; saka lamang sila mabubuhay sa liwanag. Kapag nagbago na ang pananaw ng isang tao sa mundo at sa buhay, saka lamang siya magkakaroon ng malaking pagbabago. Kapag ang isang tao ay may layunin sa buhay at kumikilos ayon sa katotohanan, kapag ganap siyang nagpapasakop sa Diyos at nabubuhay ayon sa Kanyang mga salita, kapag panatag siya at natatanglawan hanggang sa kaibuturan ng kanyang kaluluwa, kapag walang kadiliman sa kanyang puso, at kapag siya ay nakapamumuhay nang lubos na malaya at hindi napipigilan sa presensya ng Diyos, saka lamang siya makapamumuhay ng isang tunay na buhay ng tao, at saka lamang siya magiging isang taong nagtataglay ng katotohanan. Bukod pa rito, ang lahat ng katotohanang taglay mo ay mula sa mga salita ng Diyos at mula sa Diyos Mismo. Ang Naghahari sa buong sansinukob at sa lahat ng bagay—ang Kataas-taasang Diyos—ay sinasang-ayunan ka bilang isang tunay na taong namumuhay ng tunay na buhay ng tao. May mas makabuluhan pa ba kaysa sa pagsang-ayon ng Diyos? Ito ang ibig sabihin ng pagtataglay ng katotohanan. Sa mundo ngayon na pinaghaharian ni Satanas, at sa loob ng libu-libong taon ng kasaysayan, sino sa kalipunan ng buong sangkatauhan ang nagkamit ng buhay? Walang sinuman. Dahil ito sa ang sangkatauhan ay pawang mga taong lumaban sa Diyos. Ang lahat-lahat kung paanong isinabuhay nila ang kanilang buhay at nakaligtas ay galing kay Satanas at natanggap mula

kay Satanas, at ito ay tuwirang salungat sa mga salita ng Diyos. Kung gayon, ang mga tao ay mga nilalang na lumalaban sa Diyos at nagdudusa dahil sa Kanyang mga sumpa, kaya wala silang buhay na mapag-uusapan. Kahit pa gusto nilang “mag-iwan ng marka,” “magpasalin-salin ang kanilang mga pangalan sa loob ng isandaang henerasyon,” “magtamasa ng walang-hanggang kaluwalhatian,” at “magkaroon ng walang-hanggang pangalan,” ang lahat ng iyon ay pawang mala-diyablong pananalita. Ang totoo ay, sinumpa na sila ng Diyos noong una pa lang, at hindi na kailanman pa muling magkakatawang-tao. Ang mga salita ng mga bantog, sinumang tao sila, ay walang katuturan sa Diyos, at ang lahat ay pinarurusahan sa ika-labingwalong antas ng impiyerno pagkaraan nilang mamatay. Tanging ang Diyos lamang ang katotohanan. Kinokontrol ng Diyos ang kalangitan at lupa at lahat ng bagay na naroroon, at pinaghaharian ang lahat. Ang hindi pagsampalataya sa Diyos at hindi pagpapasakop sa Diyos ay hindi pagkakamit ng katotohanan. Kung namumuhay ka nang naaayon sa mga salita ng Diyos, sa kaibuturan ng iyong puso, makakaramdam ka ng maginhawang pagliwanag, at magtatamasa ka rin ng walang-katulad na tamis. Kapag nangyari iyon, nagawa mo nang makamit ang buhay. Kahit gaano pa kadakila ang mga naabot ng nga siyentipiko sa larangan ng agham sa buong mundo, sa sandaling malapit na silang mamatay, mararamdaman nila na walang silang anumang pinanghahawakan at wala silang anumang nakamit. Kahit pa sina Einstein at Newton, sa kabila ng pagtataglay ng napakaraming kaalaman, ay nakaramdam na sila’y hungkag; dahil ito sa hindi nila pagtataglay ng katotohanan. Bagamat naniniwala sila sa Diyos, nalaman lamang nila ang Kanyang pag-iral at na mabuti na naniniwala sila sa Kanya—ngunit hindi nila hinahangad ang katotohanan. Nag-aral lamang sila ng agham at natuklasan na tunay ngang may Diyos, at sumampalataya sila sa Kanya hanggang sa huli, na humantong sa isandaang porsyentong paninindigan na umiiral Siya at isandaang porsyentong paninindigan na nilikha Niya ang kalangitan at lupa at ang lahat ng bagay. Siyentipikong kaalaman lamang ang kanilang pinagbuhusan ng panahon; hindi nila hinanap na makilala ang Diyos. Hindi

nila nakamit ang katotohanan, ni hindi nila natamo ang tunay na buhay. Ang landas na tinatahak ninyo ngayong araw ay hindi ang landas na tinahak nila. Ang hinahanap mo ay ang makilala ang Diyos, kung paano magpasakop sa Kanya, kung paano Siya sambahin, at kung paano isabuhay ang isang makabuluhang buhay; Ganap na magkaiba ang lahat ng ito sa kung ano ang hinanap nila. Ngayon, nasabi na sa inyo ng Diyos na nagkatawang-tao ang bawat aspeto ng katotohanan at ipinagkaloob na Niya sa inyo ang daan ng katotohanang buhay; magiging isang kahangalan para sa iyo na hindi hanapin ang katotohanan.

Hinango mula sa “Paano Malalaman ang Kalikasan ng Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

153. Ang mga Prinsipyo Kung Paano Pakikitunguhan ang mga Teoryang Teolohikal ng Relihiyon

(1) Mga nagpapanggap na katotohanan ang mga teoryang teolohikal ng relihiyon. Huwad ang mga ito, lahat ay mga mababababaw na doktrina, na sumusubok na limitahan at tutulan ang Diyos;

(2) Hindi nagmumula sa kaliwanagan ng Banal na Espiritu ang mga teoryang teolohikal ng relihiyon, bagkus ay mula sa mga haka-haka, mga kaisipan, lohika, at pasaklaw na pangangatuwiran ng tao. Mga kasinungalingan ito ng mga manlilinlang.

(3) Hindi ang mga teoryang teolohikal ng relihiyon ang katotohanan at hindi maililigtas ng mga ito ang mga tao. Mas nagiging mapagmataas at palalo ang tao kapag mas hinahangad na matamo ang teolohikal na kaalaman, at lalo nilang tinatanggihan ang katotohanan at tinututulan ang Diyos;

(4) Labis na mapanlinlang ang mga teoryang teolohikal ng relihiyon, at lubos na maaaring madaya at makontrol ng mga ito ang isang taong nananampalataya sa Diyos ngunit hindi itinataguyod ang katotohanan, na siyang magpapasimula tungo sa pagkawasak.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Lahat ng nasa Kristiyanismo na nag-aral ng teolohiya, Banal na Kasulatan, at maging ng kasaysayan ng gawain ng Diyos—mga tunay ba silang mananampalataya? Naiiba ba sila sa mga mananampalataya at tagasunod ng Diyos na binabanggit ng Diyos? Sa mata ng Diyos, naniniwala ba sila sa Diyos? (Hindi.) Nag-aaral sila ng teolohiya, pinag-aaralan nila ang Diyos. May pagkakaiba ba sa pagitan nilang pinag-aaralan ang Diyos at sa kanilang nag-aaral ng mga ibang bagay? Walang pagkakaiba. Kagaya rin lang sila ng mga taong nag-aaral ng kasaysayan, nag-aaral ng pilosopiya, nag-aaral ng batas, nag-aaral ng biolohiya, nag-aaral ng astronomiya—sadyang hindi nila gusto ang agham, o biolohiya, o anumang mga asignatura; gusto lamang nila ng teolohiya. Pinag-aaralan ng mga taong ito ang Diyos sa pamamagitan ng paghahanap ng mga palatandaan at pahiwatig sa gawain ng Diyos—at ano ang lumalabas sa kanilang pananaliksik? Natutukoy ba nila kung umiiral ang Diyos? Hindi kailanman. Natutukoy ba nila ang kalooban ng Diyos? (Hindi.) Bakit? Sapagkat nabubuhay sila sa gitna ng mga salita at parirala, nabubuhay sila sa gitna ng karunungan, nabubuhay sila sa gitna ng pilosopiya, nabubuhay sila sa gitna ng mga kaisipan at saloobin ng tao. Hindi nila kailanman makikita ang Diyos, hindi nila kailanman makakamit ang kaliwanagan ng Banal na Espiritu. Paano sila tinutukoy ng Diyos? Bilang mga walang pananampalataya, bilang mga hindi sumasampalataya. Nakikihalubilo itong mga hindi sumasampalataya at walang pananampalataya sa tinatawag na komunidad na Kristiyano, na kumikilos tulad sa mga taong naniniwala sa Diyos, na kumikilos tulad sa mga Kristiyano—ngunit, sa katunayan, tunay bang sumasamba sila sa Diyos? Tunay bang sumusunod sila sa Kanya? Hindi. Bakit? Isang bagay ang tiyak: ito ay dahil, sa kanilang kalooban, hindi sila naniniwala na nilikha ng Diyos ang daigdig, na Siya ang namamahala sa lahat ng bagay, na magagawa Niyang magkatawang-tao, lalong hindi sila naniniwalang umiiral ang Diyos. Ano ang ipinahihiwatig ng kawalan ng pananampalatayang ito? Pagdududa, pagtatatwa, at maging ang saloobing umaasa na ang mga propesiyang sinalita ng Diyos—lalo yaong tungkol sa mga sakuna—ay hindi nagkakatotoo at hindi natutupad.

Ito ang saloobin kung paano nila ituring ang paniniwala sa Diyos, at ito rin ang diwa at totoong mukha ng tinatawag nilang pananampalataya. Pinag-aaralan ng mga taong ito ang Diyos sapagkat may tangi silang interes sa karunungan at kaalaman sa teolohiya, at interesado sila sa mga pangkasaysayang katunayan ng gawain ng Diyos. Dili nga ba't isang pangkat lamang sila ng mga intelektuwal na nag-aaral ng teolohiya. Hindi naniniwala ang mga "intelektuwal" na ito sa pag-iral ng Diyos, kaya't ano ang kanilang ginagawa kapag gumawa na ang Diyos at natutupad ang Kanyang mga salita? Ano ang kanilang unang reaksiyon kapag narinig nila na ang Diyos ay nagkatawang-tao, at gumaganap sa bagong gawain? "Imposible!" Isinusumpa nila ang sinumang nangangaral sa bagong gawain ng Diyos, at ibig pa ngang patayin ang mga ito. Ano ang ipinapakita nito? Hindi ba't ito ang pagpapakita ng kanilang pagiging ganap na antikristo? Kinapopootan nila ang gawain ng Diyos at ang katuparan ng Kanyang mga salita, huwag nang banggitin pa ang Kanyang pagkakatawang-tao: "Kung Ikaw ay hindi nagkatawang-tao at ang mga salita Mo ay hindi natupad, Ikaw nga ay Diyos. Kung ang mga salita Mo ay natupad at Ikaw ay nagkatawang-tao, Ikaw ay hindi Diyos." Ano ang lingid na kahulugan nito? Ito ay ang hindi nila pagpapahintulot sa pagkakatawang-tao ng Diyos hangga't sila ay umiiral. Hindi ba't ito'y ganap na antikristo? Ito ay tunay na antikristo. Umiiral ba sa mga pangrelihiyong komunidad ang mga ganitong pagpapahayag? Ginagawang napakalakas ang mga ganyang pagpapahayag, at napakapuwersa rin: "Mali na ang Diyos ay nagkatawang-tao, ito'y imposible! Anumang pagkakatawang-tao ay isangkasinungalingan!" May ilang nagtatanong, "Nailigaw ba ang mga taong ito?" Hinding-hindi. Wala lamang silang tunay na pananampalataya sa Diyos. Hindi sila naniniwala sa pag-iral ng Diyos, hindi sila naniniwala sa pagkakatawang-tao ng Diyos, hindi sila naniniwala sa ginawang paglikha ng Diyos sa daigdig, at lalong hindi sila naniniwala sa ginawa ng Diyos na pagpapapako sa krus at pagtubos sa buong sangkatauhan. Para sa kanila, ang pinag-aaralan nilang teolohiya ay isang serye ng mga pangyayari sa kasaysayan, isang uri ng doktrina o teorya.

Hinango mula sa “Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (7)” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ano ang pangunahing pagpapakita ng pagpapaimbabaw ng mga Fariseo? Masusing binasa lamang nila ang Banal na Kasulatan at hindi hinanap ang katotohanan. Nang mabasa nila ang mga salita ng Diyos, hindi sila nagdasal o naghanap; sa halip, pinag-aralan nila ang mga salita ng Diyos, pinag-aralan nila ang mga sinabi at ginawa ng Diyos, kaya’t ginawa nilang isang uri ng teorya ang Kanyang mga salita, isang doktrina na itinuturo nila sa iba. Ganito ang masusing pagbasa sa mga salita ng Diyos. Kaya’t bakit nila ginawa iyan? Ano ang kanilang masusingbinasa? Sa tingin nila, hindi salita ng Diyos ang mga ito, hindi sila mga pagpapahayag ng Diyos, at lalong hindi katotohanan ang mga ito, bagkus ay isang anyo ng karunungan. Sa tingin nila, ang ganoong karunungan ay dapat maipasa, dapat maipalaganap, at ito lamang ang pagpapalaganap sa gawi ng Diyos at ng ebanghelyo. Ito ang tinatawag nilang “pangangaral,” at ang sermon na kanilang ipinangaral ay teolohiya.

… Itinuring ng mga Fariseo ang teolohiya at ang teoryang kanilang dinalubhasa bilang isang uri ng karunungan, bilang isang kasangkapan sa pagkondena sa mga tao at pagsukat kung sila ay tama o mali. Ginamit pa nga nila ito sa Panginoong Jesus—ganyan kung paano nakondena ang Panginoong Jesus. Ang kanilang pagtatasa sa mga tao, at ang kanilang paraan sa pagtrato sa mga ito, ay hindi nakabatay sa kanilang diwa, o kung ang kanilang sinabi ay tama o mali, lalong hindi sa pinagkunan o pinagmulan ng kanilang mga salita. Kinundina at sinukat lamang nila ang mga tao batay sa mga matitigas na salita at doktrinang kanilang nadalubhasa. Kaya’t bagama’t batid ng mga Fariseong ito na ang ginawa ng Panginoong Jesus ay hindi kasalanan, at hindi paglabag sa batas, Siya ay kanila pa ring kinundina, sapagkat ang sinabi ng Panginoong Jesus ay lumalabas na salungat sa kaalaman at karunungan na kanilang nadalubhasa at sa teorya ng teolohiya na kanilang naipaliwanag. At hindi basta niluluwagan ng mga Pariseo ang kanilang kapit sa mga salita at

pariralang ito, nangunyapit sila sa karunungang ito at hindi ito pawawalan. Ano lamang ang tanging posibleng kalalabasan sa huli? Hindi nila kikilalanin na ang Panginoong Jesus ay ang Mesiyas na darating, o na may katotohanan sa sinabi ng Panginoong Jesus, lalo pang hindi na ang sinabi ng Panginoong Jesus ay pagsang-ayon sa katotohanan. Nakakita sila ng ilang di-mapatunayang paratang upang kondenahin ang Panginoong Jesus—ngunit ang totoo, sa kanilang mga kalooban, alam ba nila kung makatwiran ang mga tinukoy nilang kasalanan sa pagsumpa sa Kanya? Alam nila. Kung gayon, bakit pa rin nila Siya kinundina? (Ayaw nilang paniwalaan na ang mataas at makapangyarihang Diyos na nasa kanilang isipan ay maaaring ang Panginoong Jesus, ang imaheng ito ng isang pangkaraniwang Anak ng tao.) Ayaw nilang tanggapin ang katunayang ito. At ano ang katuturan ng kanilang pagtangging tanggapin ito? Hindi ba't mayroon ditong pagsisikap na makapangatwiran sa Diyos? Ang ibig nilang sabihin ay "Magagawa ba iyan ng Diyos? Kung ang Diyos ay nagkatawang-tao, tiyak na Siya ay dapat sumilang mula sa marangal na lahi. Higit pa, dapat Niyang tanggapin ang pagtuturo ng mga eskriba at Fariseo, matutuhan ang karunungang ito, at magbasa nang magbasa ng Banal na Kasulatan. Pagkaraan maangkin Niya ang karunungang ito, saka lamang Niya makukuha ang titulo ng 'pagkakatawang-tao'." Naniwala sila na, una, Ikaw ay hindi kuwalipikado, kaya't Ikaw ay hindi Diyos; pangalawa, kung wala ang karunungang ito, hindi Mo magagawa ang gawain ng Diyos, at lalong hindi Ka magiging Diyos; pangatlo, hindi Ka makagagawa sa labas ng templo—wala Ka sa templo ngayon, palagi Kang kasama ng mga makasalanan, kaya't ang mga gawain Mo ay lampas sa saklaw ng gawain ng Diyos. Saan nagmula ang batayan ng kanilang sumpa? Mula sa Banal na Kasulatan, mula sa isip ng tao, at mula sa natanggap nilang edukasyon sa teolohiya. Sapagkat punung-puno sila sa mga palagay, guniguni, at karunungan, naniwala sila na tama ang karunungang ito, na ito ang katotohanan, na ito ang batayan, at hindi kailanman masasalungat ng Diyos ang mga bagay na ito. Hinanap ba nila ang katotohanan? Hindi. Ang kanilang hinanap ay ang kanilang mga palagay at haka, at ang kanilang

mga sariling karanasan, at sinubok nilang gamitin ang mga ito upang bigyang katuturan ang Diyos at matukoy kung Siya ba ay tama o mali. Ano ang panghuling kinahantungan nito? Kinundina nila ang gawain ng Diyos at ipinako Siya sa krus.

Hinango mula sa “Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (7)” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Paano naging “Kristiyano” ang mga relihiyosong tao na naniniwala sa Panginoon? Bakit ngayon, itinuturing silang isang relihiyosong grupo, sa halip na bahay ng Diyos, iglesia ng Diyos, ang pakay ng gawain ng Diyos? Mayroon silang doktrina, tinitipon nila ang gawaing ginawa ng Diyos, at ang mga salitang Kanyang sinambit, sa isang aklat, sa mga materyal sa pagtuturo, at pagkatapos ay binubuksan ang mga paaralan upang papasukin at sanayin ang lahat ng uri ng mga teologo. Pinag-aaralan ba ng mga teologong ito ang katotohanan? (Hindi.) Kung gayon ay ano ang pinag-aaralan nila? Pinag-aaralan nila ang kaalamang teolohiko, na walang kinalaman sa gawain ng Diyos o sa mga katotohanang sinasambit ng Diyos. At sa paggawa nito, nagiging Kristiyano sila. Ano ang tinatangkilik ng Kristiyanismo? Kung pupunta ka sa isang iglesia, tatanungin ka ng mga tao kung gaano katagal ka nang naniniwala sa Diyos, at kapag sinabi mong kasisimula mo pa lamang, hindi ka nila papansinin. Ngunit kung papasok ka na may kipkip na Biblia, at sasabihin mong “Katatapos ko pa lamang sa ganito-at-ganoong Seminaryong Teolohiko,” hihilingan ka nilang maupo sa upuan ng karangalan. Ito ang Kristiyanismo. Lahat ng nakatayo sa pulpito ay nakapag-aral ng teolohiya, sinanay sa seminaryo, may angking kaalamang teolohiko at teorya—sila talaga ang sandigan ng Kristiyanismo. Ang Kristiyanismo ay sinasanay ang gayong mga tao na mangaral sa pulpito, lumibot para magturo ng ebanghelyo at magtrabaho. Iniisip nila na ang halaga ng Kristiyanismo ay nakasalalay sa gayong mga taong may kakayahan tulad ng mga estudyante ng teolohiya, ang mga pastor at teologong ito na nangangaral ng mga sermon; sila ang kanilang puhunan. Kung ang pastor ng isang iglesia ay nagtapos sa isang seminaryo,

mahusay magpaliwanag ng Banal na Kasulatan, nakabasa na ng ilang espirituwal na aklat, at may kaunting kaalaman at mahusay magsalita, uunlad ang iglesia, at mas maganda ang reputasyon kaysa ibang mga iglesia. Ano ang tinatangkilik ng mga taong ito sa Kristiyanismo? Kaalaman. At saan nagmumula ang kaalamang ito? Ipinasa ito mula sa sinaunang panahon. Sa sinaunang panahon may Banal na Kasulatan, na ipinasa-pasa sa sunud-sunod na henerasyon, bawat henerasyon ay nagbabasa at natututo roon, hanggang sa ngayon. Hinati-hati ng tao ang Biblia sa iba't ibang bahagi at nilikha ang sari-saring edisyon para basahin at pag-aralan ng mga tao. Ngunit ang natututuhan nila ay hindi kung paano unawain ang katotohanan at kilalanin ang Diyos, o kung paano unawain ang kalooban ng Diyos at magkaroon ng takot sa Diyos at iwasan ang kasamaan; sa halip, pinag-aaralan nilang mabuti ang kaalaman nakapaloob sa mga ito. Kadalasan, sinisiyasat nila ang mga hiwagang nakapaloob doon, tinitingnan nila kung aling mga propesiya sa Aklat ng Pahayag ang natupad sa isang tiyak na panahon, kailan darating ang malalaking kalamidad, kailan darating ang milenyo—ito ang mga bagay na pinag-aaralan nila. At konektado ba sa katotohanan ang pinag-aaralan nila? Hindi. Bakit nila pinag-aaralan ang mga bagay na walang koneksyon sa katotohanan? Habang mas pinag-aaralan nila ang mga ito, mas iniisip nila na nauunawaan nila, at mas sinasangkapan nila ang kanilang sarili ng mga titik at doktrina. Lumalago rin ang kanilang puhunan. Kapag mas mataas ang kanilang mga kwalipikasyon, iniisip nila na mas may kakayahan sila, naniniwala sila na mas malakas ang kanilang pananampalataya sa Diyos, at iniisip nila na mas malamang na maligtas sila at makapasok sa kaharian ng langit.

Hinango mula sa "Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (7)" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Yaong mga nasa relihiyon na naniniwala sa Panginoon ay nakatuon sa pagsasaulo ng ilang kilalang sipi mula sa Biblia; habang mas maraming naisasaulo ang mga tao, mas nagiging espirituwal sila, at mas

hinahangaan sila ng lahat. Sila ay prestihiyoso at may mataas na posisyon. Sa totoo lang, sa tunay na buhay, ang kanilang pananaw sa mundo, sa sangkatauhan at sa lahat ng iba't ibang uri ng mga tao ay katulad ng pananaw ng mga makasanlibutang tao—hindi ito nagbago. Pinatutunayan nito ang isang bagay: Iyong mga sipi na kanilang isinaulo ay hindi talagang naging kanilang buhay; malinaw na ang mga ito ay mga teorya at panrelihiyong doktrina lamang, at hindi binago ang kanilang buhay. Kung ang landas na inyong sinusundan ay katulad ng sinusundan ng mga relihiyosong tao, nangangahulugan iyan na mananampalataya kayo sa Kristiyanismo; hindi kayo naniniwala sa Diyos at hindi nakararanas ng Kanyang gawain. Ang ilang matagal na hindi naniwala sa Diyos ay hinahangaan iyong mga naniniwala, na ang pananalita ay batay sa katwiran. Nakikita nila ang gayong mga tao na nakaupo at maalwang nakapagsasalita nang dalawa o tatlong oras. Nag-uumpisa silang matuto mula sa kanila—mga espirituwal na kataga at pagpapahayag, gayundin kung paano magsalita at umasal ang isang tao. Pagkatapos ay isasaulo nila ang ilang sipi ng mga espirituwal na salita, at magpapatuloy sila hanggang, isang araw, ang mga taon ng kanilang paniniwala ay sapat na sa bilang upang sila ay umupo at magpaliwanag nang walang hanggan, may kahusayan, at may kahabaan. Ngunit kung pakikinggan nang malapitan, walang kapararakan ang lahat ng ito, mga hungkag na salita, mga titik at doktrina lamang; at malinaw na sila ay mga mandarayang relihiyoso, dinadaya kapwa ang mga sarili nila at ang iba pa. Napakalungkot na bagay! Hindi kayo dapat sumunod sa landas na iyan, na sa sandaling tahakin, ay nagdudulot ng pagkasira, at mahirap nang talikuran. Upang pahalagahan ang gayong mga bagay, upang tanggapin ang mga ito bilang buhay, at upang gamitin ang mga ito para sukatin ang sarili laban sa iba saanman siya magpunta; upang magkaroon ng ilang espirituwal na teorya, at mga sangkap ng pagkukunwari, sa kabila ng tiwaling, malademonyong disposisyon—hindi lamang nakasusuklam ang taong ito, kundi sukdulang nakasusuklam, nakasusuka at walanghiya, at hindi kaya ng iba na tingnan sila. Samakatuwid, ang denominasyon ng mga

minsang sumunod sa Panginoon ay tinatawag ngayong Kristiyanismo. Ito ay isang denominasyon, at sa kanilang paniniwala sa Diyos, wala silang ibang ginagawa maliban sa istriktong pagkapit sa pormalidad. Wala man lang pagbabago sa kanilang disposisyon sa buhay, at hindi sila mga tao na naghahangad ng katotohanan; ang pinagsusumikapan nilang makamit ay hindi ang katotohanan, ang daan, at ang buhay na nagmumula sa Diyos, kundi sa halip ay hinahangad nilang maging mga Fariseo, at salungat sa Diyos—ito ang pangkat ng mga tao ngayon na tinutukoy bilang Kristiyanismo. Paanong nangyari na tinawag na "Kristiyanismo" ang kanilang pangkat? Naganap ito dahil pinalabas nila ang kanilang mga sarili bilang banal, espirituwal, at mabait, at bilang totoong mga tagasunod ng Diyos, ngunit itinatatwa nila ang lahat ng katotohanan at itinatatwa nila ang realidad ng lahat ng positibong bagay na nagmumula sa Diyos. Gumagamit sila ng mga salitang dating winika ng Diyos upang ikubli ang kanilang mga sarili, upang armasan at itago ang kanilang mga sarili, at sa huli ay ginagamit nila ang mga ito bilang isang uri ng puhunan upang linlangin ang mga tao saanman upang magbigay ng pagkain at inumin. Nagbabalatkayo sila bilang mga mananampalataya sa Diyos kung kaya nakapagyayabang at nakapandaraya ng iba; nakikipagtunggali at nakikipagpaligsahan sila sa iba—sa kanila, kaluwalhatian at puhunan ang mga bagay na ito. Nais din nilang matamo ang mga biyaya at gantimpala ng Diyos sa pamamagitan ng panlilinlang. Ito ang landas na kanilang sinusunod. Dahil sinusunod nila ang uri ng landas na ito kung kaya't ang kanilang pangkat ay tinukoy sa huli bilang Kristiyanismo. Kapag tinitingnan ito ngayon, mabuti ba o masama ang ngalang "Kristiyanismo"? Ito ay kahiya-hiyang pagpapangalan, at walang dakila o maringal tungkol dito.

Hinango mula sa "Yaon Lamang Mga Nagsasagawa ng Katotohanan ang May Takot sa Diyos" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang pinakamahusay na paraan upang baguhin ang disposisyon ng tao ay ang pagalingin ang mga bahagi sa kaibuturan ng mga puso ng mga tao na pinakamatinding nalason, na nagpapahintulot sa mga tao na

magsimulang baguhin ang kanilang pag-iisip at moralidad. Una sa lahat, kailangang malinaw na makita ng mga tao na ang lahat ng seremonyang ito ng relihiyon, mga relihiyosong gawain, mga taon at mga buwan, at mga pista ay kinasusuklaman ng Diyos. Dapat silang lumaya mula sa mga gapos na ito ng pyudal na pag-iisip at wasakin ang bawat bakas ng kanilang malalim na pagkahilig sa pamahiin. Ang lahat ng ito ay kasama sa pagpasok ng sangkatauhan. Dapat ninyong maunawaan kung bakit pinangungunahan ng Diyos ang sangkatauhan palabas sa sekular na mundo, at muli kung bakit Niya inaakay ang sangkatauhan palayo sa mga patakaran at mga alituntunin. Ito ang pintuan kung saan kayo papasok, at kahit walang kinalaman ang mga bagay na ito sa inyong espirituwal na karanasan, ang mga ito ang pinakamatinding mga bagay na humaharang sa inyong pagpasok, at humahadlang sa inyong pagkilala sa Diyos. Bumubuo ang mga iyon ng isang lambat na humuhuli sa mga tao. Maraming tao ang sobrang magbasa ng Biblia at kaya pang bigkasin ang maraming sipi sa Biblia mula sa memorya. Sa kanilang pagpasok ngayon, walang malay ang mga tao na ginagamit nila ang Biblia upang sukatin ang gawain ng Diyos na parang ang batayan ng yugtong ito sa gawain ng Diyos ay ang Biblia at ang pinagmulan nito ay ang Biblia. Kapag ang gawain ng Diyos ay alinsunod sa Biblia, matinding sinusuportahan ng tao ang gawain ng Diyos at tumitingin sa Kanya na may panibagong paggalang; kapag ang gawain ng Diyos ay hindi tumutugma sa Biblia, masyadong nababahala ang mga tao na sila ay pinagpapawisan, naghahanap dito ng batayan ng gawain ng Diyos; kung ang gawain ng Diyos ay hindi nabanggit sa Biblia, hindi papansinin ng mga tao ang Diyos. Maaaring masabi na, kaugnay sa gawain ng Diyos sa ngayon, ang karamihan sa mga tao ay maingat na maingat na tumatanggap dito, namimili lamang ng sinusunod, at hindi interesado na malaman ito; at para sa mga bagay ng nakaraan, pinanghahawakan nila ang kalahati at tinatalikdan ang kalahati. Maaari ba itong matawag na pagpasok? Hinahawakan ang mga libro ng iba bilang mga kayamanan, at itinuturing ang mga iyon na ginintuang susi sa pasukan ng kaharian, ipinakikita lamang ng mga tao na wala silang interes sa kung

ano ang hinihingi ng Diyos ngayon sa kanila. Higit pa rito, maraming “matatalinong eksperto” ang humahawak sa mga salita ng Diyos sa kanilang kaliwang kamay at sa kanang kamay ay hawak nila ang “mga obra maestra” ng iba, na parang nais nilang mahanap ang batayan ng mga salita ng Diyos ngayon sa mga obra maestrang ito upang lubos na patunayan na ang mga salita ng Diyos ay tama, at ipinaliliwanag pa nila sa iba ang mga salita ng Diyos sa pamamagitan ng pagsasama ng mga iyon sa mga obra maestra, na para bang sila ay nagtatrabaho. Sa katotohanan, maraming “siyentipikong mananaliksik” sa sangkatauhan ang hindi kailanman tinitingnan nang mataas ang mga pinakabagong siyentipikong tagumpay sa kasalukuyan, mga siyentipikong tagumpay na hindi pa nagawa noon (hal., ang gawain ng Diyos, ang mga salita ng Diyos at ang landas sa pagpasok sa buhay), kaya ang lahat ng tao ay “umaasa sa sarili,” “nangangaral” sa maraming lugar na umaasa sa kanilang galing sa pagsasalita, at ipinaparada “ang magandang pangalan ng Diyos.” Samantala, nasa panganib ang kanilang sariling pagpasok at ang distansya nila mula sa mga hinihingi ng Diyos ay tila kasinglayo ng paglikha mula sa sandaling ito. Gaano kadaling gawin ang gawain ng Diyos? Tila nakapagpasya na ang mga tao na iwanan ang kalahati ng kanilang mga sarili sa kahapon at dalhin ang kalahati sa kasalukuyan, ihatid ang kalahati kay Satanas at ihandog ang kalahati sa Diyos, na para bang ito ang paraan upang linisin ang kanilang budhi at makaramdam ng kaginhawahan. Lihim na mapanira ang panloob na mundo ng mga tao, takot silang mawala hindi lamang ang bukas kundi pati na rin ang kahapon, takot na takot na parehong masaktan si Satanas at ang Diyos ng ngayon, na tila Siya at datapwa’t hindi rin Siya. Dahil nabigo ang mga tao na linangin nang wasto ang kanilang pag-iisip at moralidad, sila ay kulang na kulang sa pagtalos, at hindi nila basta-basta masasabi kung ang gawain ng kasalukuyan ay sa Diyos ba o hindi. Ito marahil ay dahil ang pyudal at mapamahiing pag-iisip ng mga tao ay masyadong malalim kaya matagal na nilang inilagay ang pamahiin at katotohanan, at ang Diyos at mga diyos-diyosan, sa parehong kategorya; wala silang malasakit na alamin ang

pagkakaiba sa pagitan ng mga bagay na ito, at tila hindi pa rin nila malaman nang malinaw ang pagkakaiba kahit na pagkatapos nilang halukayin ang kanilang mga utak. Ito ang dahilan kaya napatigil na ang mga tao sa kanilang mga landas at hindi na sumusulong. Ang lahat ng problemang ito ay galing sa kakulangan ng mga tao sa tamang uri ng ideolohikal na edukasyon, na nagdudulot ng matitinding paghihirap sa kanilang pagpasok. Bilang resulta, hindi kailanman nakadarama ng anumang interes ang mga tao sa gawain ng tunay na Diyos, ngunit patuloy na kumakapit sa[1] gawain ng tao (tulad ng sa pananaw nila ay mga dakilang tao) na parang sila ay natatakan na nito. Hindi ba ang mga ito ang pinakabagong mga paksa na dapat pasukin ng sangkatauhan?

Hinango mula sa “Gawain at Pagpasok (3)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Pagkatapos magbasa ng isang sipi ng mga salita ng Diyos, yaong mga pastor at iskolar sa relihiyon, at yaong mga nag-aaral ng teolohiya at nagsasagawa ng teolohikong pagsasaliksik, hindi hinahanap ang katotohanan o pinagsisikapang tunay na makilala ang Diyos sa kanilang mga totoong karanasan, kundi sa halip ay pinag-aaralan ang mga salita at titik, pinag-aaralan ang mga ito mula sa teoretikal na pananaw, hanggang sa wakas ay makarating sila sa isa o iba pang konklusyon. Doktrina lahat ang nararating nilang mga konklusyon. Ito ay dahil sa narating nila ang mga konklusyong ito batay sa dalubhasang pagsusuri sa teksto at pagtatalakayan, at hindi batay sa sarili nilang karanasan. Kinikilala bilang teoryang teolohiko ang paghango ng isang konklusyon batay sa literal na kahulugan ng isang teksto at mga katunayang nakatala sa Biblia, at pagkatapos ay paghango ng isang teorya mula rito. Hindi nagtataglay ng anumang praktikal na karanasan at pagkaunawa sa mga salita ng Diyos ang gayong teorya, ni nagtataglay ito ng anumang kaliwanagan at pagpapalinaw ng Banal na Espiritu. Nilalagpasan ng pagkaunawa mula sa kaliwanagan at pagpapalinaw ng Banal na Espiritu ang literal na kahulugan ng mga salita; hindi ito maihahayag ng anumang mababaw na wika. Ito ang

pinakapraktikal, pinakatotoong pagkaunawa, at hindi mahahango mula sa Biblia gaano man ito pag-aralan. Nililiwanagan at pinaliliwanag lamang ng Banal na Espiritu ang mga tao kapag pinagsisikapan nilang mahanap ang katotohanan, at isinasagawa at nararanasan ang mga salita ng Diyos. Kaya't hinihiling ngayon ng Diyos na maranasan natin ang Kanyang mga salita, at kung, sa ating karanasan, makatanggap tayo ng gabay, kaliwanagan, at pagpapalinaw mula sa Banal na Espiritu, maaari tayong magkakaroon ng tunay na pagkaunawa ng mga salita ng Diyos. Hindi mailalabas ang tunay na pagkaunawang ito gaano man mag-aral ng aklat o ng literal na kahulugan ng mga salita ng Diyos ang isang tao; hindi ito maaarok ng kaisipan ng tao. Hindi ito maguguni-guni ng tao; ito'y praktikal na pagkaunawa sa Diyos. Sa kasalukuyan, nararanasan natin ang mga salita at gawain ng Diyos. Ito ang dahilan kung bakit, sa huli, makakamit natin ang tunay na pagkaunawa sa Diyos. Hindi magkakaroon kailanman ng tunay na pagkaunawa sa Diyos yaong mga relihiyosong iskolar at mga dalubhasa. Gaano man kahirap nilang pag-aralan ang mga literal na kahulugan ng mga salita ng Diyos, walang kabuluhan ang lahat ng iyon. Sa pinakahuli, kokondenahin sila ng Diyos. Sa kanilang pananampalataya sa Diyos, hindi sila lumalakad sa daan ng pagdanas sa mga salita ng Diyos at pagkakamit ng kaliwanagan ng Banal na Espiritu. Umaasa sila sa sarili nilang mga isip habang sila ay nagsasaliksik, naghihinagap at nagtatalakayan, at sa huli, gagawa sila ng isang uri ng teorya. Kakatwa at hindi makatotohanan ang teoryang ito, na itinuturing ng Diyos bilang isang maling paniniwala. Ito ang dahilan kung bakit hindi sila kinikilala ng Diyos bilang mga taong nakakaunawa sa Diyos. Lahat sila'y napakakakatwa at wala sa katinuan.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

Napakaraming may kaalaman sa kasulatan at sa teolohiya sa buong mundo ng relihiyon. Bakit hindi magampanan ng mga taong ito ang gawain ng Diyos? Ito'y dahil kakatwang kaalaman ang lahat ng kanilang kaalaman sa kasulatan at sa teolohiya; hindi nito kailanman mapapalitan ang

katotohanan, at lalong hindi magagampanan ang gawain ng Diyos o maililigtas ang sangkatauhan. Nakita na natin ngayon sa mga salita ng Diyos na ang mga ito'y katotohanan, at hindi tugma sa katotohanang inihayag ng Diyos ang lahat ng kaalaman sa kasulatan at sa teolohiya. Habang mas nauunawaan ng isang tao ang kaalaman sa kasulatan at sa teolohiya, mas malamang niyang labanan at kondenahin ang Diyos. Kung gayon, ano ang katotohanan? Mayroon bang katotohanan sa kaalaman sa teolohiya? Mayroon bang katotohanan sa kaalaman sa kasulatan? Hindi katotohanan ang mga ito. Isinulat ng mga tao ang kaalaman sa kasulatan, na binuod mula sa pag-iisip ng tao, at hindi ito ang mga salita ng Diyos; mga salita lamang ng Diyos ang katotohanan. Magkaiba at sadyang hindi magagawang magkatumbas ang kaalaman sa kasulatan at ang mga salita ng Diyos. Kapag nagtataglay ang isang tao ng kaalaman sa teolohiya at sa kasulatan, paano niya nagagawang labanan ang Diyos, hatulan ang Diyos, at maging isang anticristo? Ito'y dahil ang labis na kaalaman ay maaari lamang gawing tiwali ang isang tao, gawin siyang mapagmataas at palalo, at gawin siyang lalong walang pagpipigil na nilalabanan ang Diyos. Iyong mga nagtataglay ng labis na kaalaman sa teolohiya at sa kasulatan ang mas matinding lumalaban sa Diyos. Dalawang libong taon na ang nakalilipas, ang mga punong saserdote, eskriba at mga Fariseo ng Judaismo, ang mga taong katulad ni Pablo, ay nanampalataya na kay Jehova nang ilang salinlahi at pinag-aralan na ang Kasulatan nang higit sa isa o dalawang libong taon. Pinakakumpleto ang kanilang kaalaman sa Kasulatan, ngunit sa huli, sila ang naging mga pangunahing may sala na lumaban sa Diyos, mga kaaway ng nagkatawang-taong Diyos—pangkat-pangkat silang naging mga anticristo, na "pinagtibay" ng kanilang kaalaman sa Kasulatan at sa teolohiya. Maaaring itanong ng iba, "Ano ang masama sa marubdob na pag-aaral ng Biblia at pagsasaliksik ng teolohiya?" Ang pag-aaral ng Biblia at ng teolohiya ay hindi ang daan para makilala ang Diyos. Ang pag-aaral ng mga bagay na iyon ay madadala lamang ang isang tao na lalo't lalong pagtaksilan ang Diyos at maligaw palayo nang palayo sa katotohanan. Makakamit lamang ang pagkakilala sa Diyos sa

pamamagitan ng pagdanas ng gawain ng Diyos at ng gawain ng Banal na Espiritu. Hindi makakamit ng isang tao ang gawain ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng pag-aaral ng teolohiya at ng karunungan sa kasulatan—walang silbi ang pag-aaral ng mga ito. Walang kaalaman sa kasulatan o sa teolohiya iyong mga ginagawang perpekto ng Diyos at ginagamit sa Kapanahunan ng Kaharian, at hindi rin sila mga intelektwal, kaya't paano sila maaaring magamit ng Diyos? Ano ang kadahilanan para dito? Ito ay dahil hindi ginagawang perpekto ng Diyos ang mga tao sa pamamagitan ng kaalaman; ginagawang perpekto ng Diyos ang mga matapat na tao na nagmamahal at nagsusumikap na matamo ang katotohanan, ang mga taong gaya ni Pedro.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

Makakatulong ba ang pag-aaral ng teolohiya at pagsusumikap para sa kaalaman na makamit ang pagkaunawa sa Diyos? Hindi mo lamang hindi makakamit ang pagkaunawa sa Diyos, sa halip ay magiging dahilan ito para lalo't lalo kang malayo sa Diyos at lalo't lalong lumaban sa Diyos. Kaaway ng katotohanan ang maraming kaalaman, kasama na ang teolohikong kaalaman. Kaya't habang mas nagtutuon sa teolohikong kaalaman, mas lalo pang seryosong lalabanan ng isang tao ang Diyos. Sa huli, magiging kaaway ni Cristo ang isang tao. Tinatanggap natin ngayon ang gawain at pagliligtas ni Cristo. Nagsisimula na tayong magkaroon ng pagkaunawa sa Diyos, natatalos natin ang sanlibutan, natatalos natin ang kaalaman, natatalos natin ang mga teolohikong teorya at naitatakwil pa natin si Satanas at natatalikdan ang kaalamang ito, na ibig sabihi'y nasimulan na nating maglakbay sa tamang landas ng kaligtasan. Kung nauunawaan talaga ng isang tao ang katotohanan at natatalos, nakikilala, nasusuri, natatanggihan, at natatakwil ang mga pilosopiya at kautusan ni Satanas, ang kaalaman, at mga maling paniniwala, lubos na ililigtas ng Diyos ang taong ito. Nakamit na ba natin ang yugtong ito sa ngayon? Kung hihilingin sa iyong suriin ang isa sa mga pilosopiya ni Satanas, magagamit mo ba ang katotohanan upang lubos na pabulaanan at batikusin ito? Kung

sapalaran kang kukuha ng isang aklat mula sa lalagyan ng mga aklat ng sanlibutan, magagawa mo bang hanapin ang mga maling paniniwala na sumasalungat sa katotohanan sa aklat na iyon? Kung sapalaran kang pipili ng isang aklat na tungkol sa relihiyon, at malinaw mong makikita ang mga maling paniniwala na narito, malalaman kung nasaan ang mga pagkakamali nito, kung saan nito sinasalungat ang katotohanan, at aling mga katotohanan ang hindi naaayon dito; kung makakamit mo ang antas na ito, mangangahulugan itong nauunawaan mo ang katotohanan at taglay mo ang katotohanan. Sabihin nang nakaugnayan mo ang isang taong naniniwala sa Diyos. Anumang uri ng tao sila, kung sila man ay pastor o nakatatanda sa iglesia, kapag nagsimula na silang magsalita, malalaman mo ang kakatwa sa kanilang sinasabi, kung saan sila nagkakamali at aling mga katotohanan ang nilalabag nila. Patutunayan nito na talagang nauunawaan mo ang katotohanan. Sa ngayon, hindi mo pa nakakamit ang tayog na ito, na nagpapakitang hindi mo pa rin nauunawaan ang katotohanan. Ang mga kahihinatnan ng hindi pagkaunawa sa katotohanan ay na madali ka pa ring malinlang ni Satanas, malinlang ng tao, at sumusunod ka sa mga bulaang pastol at bulaang propeta. Kung bibigyan ka ng isang aklat ng isang tao mula sa mundo ng relihiyon, at pagkatapos mo itong mabasa, iisipin mo na tinuturuan din nito ang mga tao na maging mabuti, at na walang mali rito, pinatutunayan nito na kulang ka sa pagkakilala at hindi mo taglay ang katotohanan. Kapag nagagawa mong pabulaanan, lubos na suriin at batikusin ang lahat ng uri ng maling paniniwala tungkol sa relihiyon at lahat ng maling paniniwala mula sa sangkatauhan at sa mundo ng relihiyon na lumalaban sa Diyos, patutunayan nito na tunay kang mayroong tayog at kaya mong maging isang saksi para sa Diyos.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

Talababa:

1. Ang “patuloy na kumakapit sa” ay ginagamit nang may panunuya. Ang pariralang ito ay nagpapahiwatig na suwail at matitigas ang ulo ng mga tao, pinanghahawakan ang mga

makalumang bagay at hindi nahahandang bitawan ang mga ito.

154. Ang mga Prinsipyo Kung Paano Pakikitunguhan ang mga Di-Mananampalataya

(1) Maaaring matalinong makisalamuha ang isang tao sa mga mabubuting tao na kabilang sa mga di-mananampalataya, silang mga may konsiyensiya na tumatanggap sa katwiran. Maari ring ipalaganap ng isang tao ang ebanghelyo sa kanila;

(2) Dapat na layuan ang mga masasamang taong kabilang sa mga di-mananampalataya, silang mga may kakayahang gumawa ng kahit na ano kapag nakaharap ng kahit kaunting pinsala sa kanilang mga kapakinabangan. Hindi dapat kailanman manatili ang tao sa pakikipag-ugnayan sa kanila;

(3) Sa mga taong kinakailangang makipag-ugnayan dahil sa trabaho, dapat maging maingat ang tao sa kanilang pananalita. Magsalita lamang tungkol sa mga panlabas na bagay; huwag ibukas ang puso ninyo sa kanila;

(4) Dapat na maging magalang ang isang tao sa kanilang amo o pinuno at sundin sila. Subalit, huwag gumawa ng anumang makasalanang bagay, at huwag masyadong mapalapit sa kanila, ngunit igalang sila nang may distansya.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Anu-ano ang pagkakaiba sa pagitan ng mga hindi mananampalataya at ang mga taong sumasamplataya sa Diyos? Pagkakaiba sa pananampalataya lamang ba ito? Hindi. Gawing halimbawa ang “Nilikha ng Diyos ang tao”: Ito ang katotohanan. Ano ang saloobin ng mga taong sumasampalataya sa Diyos kapag naririnig nila ito? Lubos nilang tinatanggap at pinaniniwalan ito. Niyayakap nila ang katunayang ito, ang katotohanang ito, bilang kinasasaligan ng kanilang pananampalataya sa Diyos—Ganito ang pagtanggap sa katotohanan. Nangangahulugan itong tanggapin, mula sa kaibuturan ng iyong puso, ang katunayan na nilikha ng

Diyos ang tao, nagagalak sa pagiging nilalang ng Diyos, maluwag sa loob na tinatanggap ang patnubay at kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, at kinikilala na ang Diyos ay ating Diyos. At ano naman ang saloobin ng mga hindi sumasampalataya sa Diyos kapag naririnig nila na “Nilikha ng Diyos ang tao”? Hindi lamang na hindi nila tatanggapin ito, kundi kukutyain ka pa nila, ginagawa ang lahat ng kanilang makakaya upang subukang gamitin ito laban sa iyo, gawin kang katatawanan, tingnan ka nang may pag-alipusta, at pagbuntunan ng matinding galit ang mga salitang ito at ang katunayang ito; baka gumamit pa nga sila ng saloobin ng pangungutya, panunuya, pag-alipusta, at pakikipag-alitan sa mga tumatanggap sa mga salitang ito. Hindi ba ito pagkamuhi sa katotohanan? Ano ang naiisip mo kapag nakakakita ka ng gayong mga tao? Kinapopootan mo ba sila? “Ginawa ng Diyos ang tao—ano bang mali roon? Hindi mo ito tinatanggap, hindi mo alam kung saan ka nagmula, tunay na walang kang utang na loob, wala ka sa tamang katuwiran at taksil ka. Tunay nga na kauri ka ni Satanas!” Iyan ba ang iniisip mo? At anong nagdudulot ng gayong mentalidad ng pag-ayaw upang bumangon sa iyo? Dahil lamang ba ito sa hindi nila nagugustuhan ang mga salitang iyon? Dahil ito sa kanilang saloobin. Hindi magiging ganoon katindi ang iyong galit kung iginalang mo ang mga salitang ito bilang mga karaniwang salita, bilang isang teorya o pananampalataya. Subalit nagagalit ka kapag naglalabas sila ng mga salita, saloobin, at disposisyon na kaayaw-ayaw, kontra, mapanglait, at mapanirang-puri. Ganoon nga ba? Bagama’t hindi sila naniniwala sa Diyos, may mga taong iginagalang ang pananampalataya ng ibang mga tao, hindi nilalapastangan ang lahat ng sinasabi ng ibang mga tao. Wala kang anumang pag-ayaw o pagkapoot sa kanila; nagagawa mong payapang makisama sa kanila at makisalamuha sa kanila. Sa mga taong iyon na sinusubukang siraang-puri ang katotohanan—mga kinamumuhian ang katotohanan—nakadarama ka ng galit sa iyong puso. Magagawa mo bang makipagkaibigan sa kanila? Bukod sa hindi mo sila mga kaibigan, ano pa ang tingin mo sa kanila? Kung papiliin ka kung paano mo sila ituturing, paano mo sila ituturing? Sasabihin mo na, “Ginawa ng Diyos ang tao, at

pagkadakila at pagkabanal na bagay naman niyon! Hindi lamang sa hindi mo tinatanggap ito, sinusubukan mo rin itong siraang-puri—tunay na wala kang budhi. Kung binigyan ako ng Diyos ng kapangyarihan, susumpain kita, papatayin kita, gagawin kitang abo!" Ganyan ba ang iyong damdamin? Ito ang diwa ng katarungan. Ngunit kapag nakikita mo na sila'y demonyo, ang makatuwirang bagay na gawin ay huwag silang pansinin, layuan sila, na sakyan na lamang ang kanilang mga sinasabi sa iyo—ito ang matalinong bagay na gawin. Bagama't sa kaibuturan mo alam mong walang kang pagkakatulad sa gayong mga tao. Hindi sila kailanman magkakaroon ng pananampalataya sa Diyos, at kahit pa nga nagkaroon sila, hindi sila gugustuhin ng Diyos. Sila'y mga hayop, mga demonyo. Ang mga bagay na mahal natin, ang landas na nilalakaran natin, ang pananaw natin sa buhay—ibang-iba ang lahat ng ito sa kanila. Kaya't huwag ka nang muling magsasalita ng mga bagay ng katotohanan sa kanila, huwag maghagis ng mga perlas sa harap ng mga baboy. Namumuhi sila sa katotohanan, alam mo kung anong uri sila, at ang makipag-usap pang muli sa kanila tungkol sa katotohanan ay malinaw na kahangalan, dahil pagkatapos mong makapagsalita, susubukan nilang siraang-puri ang katotohanan batay sa sarili nilang nalalaman, at kung magkagayon mahihiya kang humarap sa Diyos at mararamdaman mong may utang na loob ka sa Diyos. Kung makapanghahawak ang mga tao ng gayong saloobin patungkol sa mga hindi nagmamahal sa katotohanan, mga kinamumuhian ang katotohanan at mga sinusubukang siraang-puri ang katotohanan, gaano pa kaya katotoo ito sa Diyos? Ang disposisyon ng Diyos, ang diwa ng Diyos, kung anong mayroon ang Diyos at kung ano Siya, ang buhay ng Diyos, at kung anong nabubunyag sa Diyos ay pawang katotohanan. Walang pag-aalinlangan na ang isang taong kinamumuhian ang katotohanan ay nakikipag-alitan sa Diyos at kaaway ng Diyos. Mas problema pa ito kaysa sa pagiging di-kaayon ng Diyos, at napakatindi ng poot ng Diyos sa gayong mga tao.

Hinango mula sa "Napakahalaga ng Pag-unawa sa Katotohanan sa Wastong Pagtupad ng Tungkulin ng Isang Tao" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung may pagbabago sa iyong disposisyon at makamit mo ang katotohanan, ang pananaw mo ay magiging kaayon ng Diyos. Kapag ang pananaw mo ay kaayon ng Diyos, kaayon ka pa rin ba ng mga tiwali? Nilalabanan mo sila, kinasusuklaman sila, kinapopootan sila—hindi ba ito ang bungang nakakamit? Nagiging malinaw sa iyo ang kanilang diwa. Dahil nakita mo na ang sarili mong diwa, at nagbago na, hindi ba't nakikita mo rin ang diwa ng tiwaling sangkatauhan? At ngayong nakikita mo ang diwa ng tiwaling sangkatauhan, at ika'y kaayon ng Diyos, hindi mo ba kinamumuhian ang tiwaling sangkatauhan? Hindi mo ba kinamumuhian ang mga hindi naniniwala sa Diyos, na galit sa Diyos, na tinalikdan na ang Diyos, tinalikuran ang Diyos, at sinuway ang Diyos? Paano ka magiging kaayon ng gayong mga tao? Sa gayon, kung may pagbabago sa iyong disposisyon, tiyak na kamumuhian mo ang mga taong ito at kasusuklaman sila. Gayunma'y dahil, ngayon, nabubuhay tayo na kasama ang mga tiwali, maaari lamang tayong magtiis, at mabubuhay lamang sa pamamagitan ng ating karunungan. Dahil sa pagbabago ng ating disposisyon, hindi natin magagawa na huwag silang bigyang-pansin, o makipagtalo sa kanila—hindi natin iyon magagawa, dapat tayong maging marunong.

Hinango mula sa "Ano ang Pagbabago ng Disposisyon at ang Landas tungo sa Pagbabago ng Disposisyon" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Paano natin dapat na tratuhin ang mga hindi mananampalataya? Hindi tinatanggap ang katotohanan ng karamihan ng mga hindi mananampalataya, at tinatanggihan din nila at nilalabanan ang Diyos, at nabubuhay silang lahat sa ilalim ng sakop ni Satanas. Dahil ganito, kailangan nating maging matalino sa pakikitungo sa kanila. Ngayon, kinakailangan pang kumpletuhin ang gawain ng kaligtasang ginagawa ng Diyos, at kailangan pa ring palaganapin ang ebanghelyo at magpatotoo sa Diyos. May maliit na bilang ng mga hindi mananampalataya na naniniwalang mayroong Diyos at pinagsisikapan ang tunay na daan, at kailangang ipangaral ang ebanghelyo sa mga taong itong maaaring

mailigtas. Dahil ganito, kailangan nating magsikap na hanapin at makipag-ugnayan sa kanila na mula sa mga hindi mananampalataya na nagsisikap sa Diyos maging ang mga mabubuting tao na matulungin sa atin. Kailangan natin silang makilala sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa kanila, panatilihing bukas ang mga linya ng ugnayan, at, kapag nagkaroon ng tamang pagkakataon, ipangaral ang ebanghelyo sa kanila at dalhin sila sa harapan ng Diyos upang tanggapin ang Kanyang gawain. Ito ang tagubilin ng Diyos, at sinumpaang tungkulin ng bawat tao. Tungkol naman sa masasama at nakapipinsalang mga tao, at lahat silang pag-aari ng mga demonyo na tumatanggi at lumalaban sa Diyos, na sinisiraang puri ang tunay na daan at naglilingkod sa diablo sa pamamagitan ng pag-usig sa hinirang na bayan ng Diyos, walang dudang kailangan nating itakwil at iwasan sila; ito ang matalinong pagpili. Mapanganib para sa sinuman na lapitan ang mga masasamang diablong ito, at sinumang gumagawa nito'y magwawakas sa kasawiang-palad kalaunan. Kailangang panatilihin ang mga relasyon sa mga kamag-anak at kaibigan ng mga hindi mananampalataya kung mabubuti silang mga tao at makakatulong sa kanilang nananampalataya sa Diyos; kung masasama ang mga kamag-anak at mga kaibigang ito, mas mabuti na putulin ang lahat ng ugnayan sa kanila. Sa kabuuan, kailangan nating maging matalino sa ating paglapit sa lahat ng hindi mananampalataya.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Hinihiling ng Diyos na kumilos tayo na may prinsipyo, magsalita na may prinsipyo, lumapit sa mga tao na may prinsipyo, at huwag labagin ang mga prinsipyo kung paano natin dapat na tratuhin ang magkakaibang tao. Paglabag sa katotohanan ang paglabag sa mga prinsipyong ito. Kung kikilos ka o magsasalita nang walang pigil at ayon sa sarili mong kagustuhan, pinatutunayan nito na hindi ka nabubuhay sa mga salita ng Diyos o sa Kanyang harapan; ibig sabihin nito'y isa kang taong hindi napipigilan na nabubuhay sa loob ng mala-satanas na disposisyon at nasa

ilalim ng sakop ni Satanas. … Ano ang prinsipyo kung paano dapat tratuhin si Satanas? Ang paraan ng pagtrato kay Satanas ay ang kamuhian ito nang walang hanggan, isumpa ito nang walang hanggan, tanggihan ito nang walang hanggan, at matatag na labanan ito hanggang sa wakas. Anong prinsipyo ang dapat mong gamitin kapag nakikitungo ka sa masama at imoral na mundong ito? Ito'y pabayaan ito nang walang hanggan, kapootan ito, at ihiwalay ang iyong sarili rito. Anong prinsipyo ang kailangan mong gamitin kapag nakikitungo sa masasamang tao? Kailangan mong kamuhian at talikuran sila nang walang hanggan. Higit pa rito, kailangan mong magbantay laban sa kanila at matutong makilala sila, hindi mahulog sa kanilang mga panlilinlang, umiwas sa pakikipag-ugnayan sa kanila, hindi tumanggap ng anumang pabor mula sa kanila, at ihiwalay ang iyong sarili sa kanila. Anong mga prinsipyo ang kailangan mong gamitin pagdating sa mga kamag-anak at kaibigan na hindi mga mananampalataya? Para sa kanila na nagtataglay ng kaunting pagkatao, maaari kang makipag-ugnayan sa kanila, ngunit may pag-iingat; huwag kang masangkot nang labis, dahil hindi makakabuti ang pagsasagawa nito. Walang hinahangad ang mga hindi mananampalataya maliban sa pakinabang, at mayroong tagong motibo sa likod ng lahat ng kanilang sinasabi at ginagawa. Samakatuwid, dapat mong tanggihan na makipag-ugnayan sa mga taong may mababang pagkatao. Maayos lang na makipag-ugnayan sa mga taong may pagkataong mas mabuti nang kaunti at may medyo magandang motibo, ngunit kailangan mong magkaroon ng karunungan. Sinumang tao at anumang pangyayari o mga bagay ang makasalamuha ng mga taong nananampalataya sa Diyos, kailangan lagi silang pakitunguhan nang may prinsipyo. Pinapatunayan ng hindi pagkakaroon ng mga prinsipyo na hindi mo taglay ang anumang katotohanan, na nabubuhay ka sa pamamagitan ng mga prinsipyo ni Satanas, at katulad ng sa mga hindi mananampalataya ang iyong mga kilos. Naturingan kang mananampalataya sa Diyos, ngunit sa katotohanan, isa kang hindi mananampalataya.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

155. Ang mga Prinsipyo Kung Paano Pakikitunguhan ang Pamahalaang nasa Kapangyarihan

(1) Kinakailangang malaman kung binubuo ng mga mananampalataya sa Diyos o mga di-mananampalataya ang pamahalaang nasa kapangyarihan. Kung tinututulan nila ang Diyos, sila ay mga demonyo, at hindi dapat sundin;

(2) Dapat na sundin ang mga pambansang patakaran at mga batas; hindi dapat labagin ang mga ito. Subalit, kung taliwas ang mga ito sa mga prinsipyo ng pananampalataya, hindi dapat ito sundin ng tao;

(3) Dapat na sundin ang lahat ng mga patakaran at mga batas ng isang demokratikong bansa, maliban sa mga nagbubunsod sa taong magkasala laban sa Diyos at magpapasama ng Kanyang loob, hindi kailanman dapat sundin ang mga iyon;

(4) Dapat na gumamit ng pang-unawa ang tao tungkol sa lahat ng patakaran at mga batas ng isang diktadura. Kilalanin ang kanilang katotohanan at diwa.

Mga Talata ng Biblia para Sanggunian:

“Ang hindi sumasa akin ay laban sa akin; at ang hindi nagiimpok na kasama ko ay nagsasambulat” (Mateo 12:30).

“Dapat muna kaming magsitalima sa Dios bago sa mga tao” (Mga Gawa 5:29).

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Sino si Satanas, sino ang mga demonyo, at sino ang mga kaaway ng Diyos kundi ang mga mapanlaban na hindi naniniwala sa Diyos? Hindi ba sila yaong mga taong masuwayin sa Diyos? Hindi ba sila yaong mga umaangkin na may pananampalataya, subalit salat sa katotohanan? Hindi ba sila yaong mga naghahangad na matamo lamang ang mga pagpapala samantalang hindi magawang magpatotoo para sa Diyos? Nakikihalubilo ka pa rin ngayon sa mga demonyong iyon at nag-uukol ng budhi at pagmamahal sa kanila, ngunit sa pangyayaring ito, hindi ka ba nag-aabot ng mabubuting layon kay Satanas? Hindi ka ba nakikisama sa mga

demonyo? Kung hindi pa rin magawa ng mga tao sa mga araw na ito na makita ang kaibhan ng mabuti at masama, at patuloy na bulag na maging mapagmahal at maawain nang walang anumang layon na hangarin ang kalooban ng Diyos o magawang kupkupin bilang kanila sa anumang paraan ang mga layunin ng Diyos, magiging higit na kahabag-habag ang kanilang mga katapusan. Kaaway ng Diyos ang sinumang hindi naniniwala sa Diyos sa katawang-tao. Kung nakapag-uukol ka ng budhi at pagmamahal sa isang kaaway, hindi ka ba salat sa kahulugan ng pagiging matuwid? Kung bumabagay ka sa mga yaong kinamumuhian Ko at hindi Ko sinasang-ayunan, at nag-uukol pa rin ng pagmamahal o pansariling damdamin sa kanila, hindi ka ba masuwayin sa gayon? Hindi mo ba sinasadyang labanan ang Diyos? Nagtataglay ba ng katotohanan ang gayong tao? Kung nag-uukol ng budhi ang mga tao patungkol sa mga kaaway, pagmamahal sa mga demonyo, at habag kay Satanas, hindi ba nila sinasadyang gambalain ang gawain ng Diyos sa gayon? Yaong mga tao na naniniwala lamang kay Jesus at hindi naniniwala sa Diyos na nagkatawang-tao sa mga huling araw, gayundin yaong mga pasalitang inaangkin na naniniwala sa Diyos na nagkatawang-tao ngunit gumagawa ng masama, ay pawang anticristo, kahit hindi pa banggitin yaong mga hindi man lamang naniniwala sa Diyos. Magiging mga pakay ng pagwasak ang lahat ng taong ito.

Hinango mula sa “Papasok sa Pahinga ang Diyos at ang Tao Nang Magkasama” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Paano ba natin dapat tingnan ang mga pambansang batas? Dapat itong unawain ayon sa katotohanan. Ang mga batas ay hindi ang katotohanan, ang mga ito ay mga alituntunin lamang na ginagamit ng mga bansa upang panatilihin ang katatagan ng pamunuan. Sa ating pananampalataya sa Diyos, dapat nating tanggapin ang mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan; ang lahat ay dapat na nakabatay sa mga salita ng Diyos. Dapat na sundin ng mga Kristiyano ang mga lehitimong

batas na ipinasiya ng mga pambansang pamahalaan, ngunit hinding-hindi dapat sundin ang mga batas na imoral at hindi makatarungan o yaong mga lumalabag sa katotohanang salita ng Diyos—lalo na ang mga tumututol sa pananampalataya, tumututol sa Diyos at kumokondena sa Diyos. Ang pagsunod sa mga ganoong batas ay pagtataksil sa Diyos at pagkampi kay Satanas. Halimbawa, ang pananampalataya sa Diyos at pagsamba sa Diyos ay itinalaga ng Langit at kinikilala ng mundo, at kapag pinigilan at pinaghigpitan ng mga pambansang pamahalaan, dapat tayong maging mariin sa pagtutol sa masasamang batas na ito. Ang mga imoral at hindi makatarungang batas ay hindi dapat sundin, bagkus ay mariing tutulan.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Paanong pakikitungo ang dapat nating gawin sa mga opisyal ng pambansang pamahalaan? Dapat itong unawain ayon sa katotohanan. May mabubuti at di-mabubuting opisyal, at may mababait at may masasama. Dapat nating igalang ang mabubuting opisyal at ang malalaki ang nagagawa para mga tao. Ang mga opisyal na tumututol, kumokondena, at umuusig sa Diyos ay masasamang demonyo, at dapat natin silang kamuhian at isumpa. Subalit, sa ngayon, naninirahan pa rin tayo sa ilalim ng masama at madilim na nasasakupan ni Satanas, kaya dapat tayong maging matalino—dapat matalino tayo kung kumilos, at alam ang mga totoong bagay. Kung may ilang opisyal at kawani ng pamahalaan na handang manampalataya sa Diyos at tanggapin ang tamang daan, dapat nating ipangaral sa kanila ang ebanghelyo at ilapit sila sa Diyos upang matamo nila ang kaligtasan; ito ay lubos na ayon sa kalooban ng Diyos.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Ano ba ang tinutukoy ng “pamumuno at impluwensya ni Satanas”? Ang mga namumunong partido ba ng iba’t ibang bansa ay nagpapasakop sa Diyos, o nagpapasakop ba sila kay Satanas? Ang sinuman na

nagpapasakop kay Satanas ay nasa ilalim ng impluwensya ni Satanas. Kung sinasamba mo ang isang namumunong partido ni Satanas, kung ganap ang pagsunod mo sa namumunong partido ni Satanas, at sinusunod mo ang mga pinuno na pag-aari ni Satanas, ikaw ay kay Satanas, at naninirahan ka sa ilalim ng nasasakupan ni Satanas. Halimbawa, pinamumunuan ng malaking pulang dragon ang Tsina. Kung sinusuportahan mo ang malaking pulang dragon, sinasamba ang malaking pulang dragon, at nagpapasakop sa malaking pulang dragon, at sumisigaw ng “mabuhay” sa malaking pulang dragon, namumuhay ka sa ilalim ng nasasakupan ni Satanas. Alinmang sistemang panlipunan ang sinasamba mo o bulag mong pinananampalatayaan, kung sinasamba mo, sinusundan, at sinusunod ang mga namumunong partido at pulitiko ni Satanas, namumuhay ka sa nasasakupan ni Satanas. Iyon ay dahil ang mga pulitikong ito ay pag-aari ni Satanas, hindi ng Diyos; hindi nila sinusunod at sinasamba ang Diyos, kaya sa pagsamba sa kanila, sinusunod at sinasamba mo si Satanas. Samakatuwid, kung sumali ang isang Kristiyano sa namumunong partido ni Satanas, nangangahulugan ito na sinasamba niya ang impluwensya ni Satanas, sinusunod si Satanas, at ang kanyang pananampalataya sa Diyos ay hindi totoo.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

Ang mga patakarang binalangkas ng malaking pulang dragon ay hindi naman talaga para sa pamamahala ng bansa o para sa kapakanan ng mga tao. Ang lahat ng iyon ay tumututol sa Diyos at direktang tumututol sa katotohanan, sa gayon ay nahahayag ang masamang diwa ng malaking pulang dragon, na tampalasan at taliwas sa Langit. Ang malaking pulang dragon ay isang pangkat lamang ng mga reaksyonaryo! Kung malinaw ito sa iyo, malalaman mo kung paano ito tatratuhin. Kapag kinasusuklaman ka nito, sinasalakay ka, at pinapatay ka, ang diwa nito ay yaong sa masamang espiritu, at ito ay masama; kapag ito ay mabuti sa iyo, kapag ginagawan ka nito ng maliliit na pabor, kapag may kapakinabangan ito sa iyo sa iba’t ibang paraan, ang diwa nito ay yaong sa masamang espiritu pa rin, at ito

ay masama pa rin. Kapag naging malinaw sa iyo ang diwa nito, hindi ka na mapipigilan ng kung ito ba ay panlabas na makakabuti o makakasama sa iyo. Upang matukoy ang tunay na diwa at totoong mukha ng malaking pulang dragon, hindi mo ito dapat husgahan batay lamang sa mga pampublikong anunsyo nito, bagkus sa pamamagitan ng mga kilos nito at ng mga epekto ng mga ito. Ang pinakamahalaga ay ang tingnan kung paano nito tratuhin ang Diyos, at ang lahat ng katotohanang ipinahayag ng Diyos, at kung paano nito tratuhin ang mga nananampalataya at sumusunod sa Diyos—saka mo lamang makikita ang pangit nitong mukha. Upang magkaroon ng pagkakilala sa malaking pulang dragon, dapat mo itong tingnan ayon sa lahat ng katotohanang ipinahayag ng Diyos; kung wala ang pagkaunawa sa katotohanan, hindi ito kailanman magiging posible.

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

IX. Ang mga Prinsipyo ng Pagsunod at Pagkilala sa Diyos

156. Ang mga Prinsipyo ng Pagsunod sa Diyos

(1) Magpasakop sa awtoridad ng mga salita ng Diyos. Hindi masusukat ang kadakilaan ng mga salita ng Diyos; ito ang mga pinakamataas na direktiba at pinakamataas na kautusan, at dapat silang lubusang sundin;

(2) Magpasakop sa awtoridad ni Cristo, at tanggapin at magpasakop sa lahat ng Kanyang mga salita at gawain. Ipahayag na si Cristo ang katotohanan, ang daan, at ang buhay;

(3) Magpasakop sa awtoridad ng gawain ng Banal na Espiritu, at tanggapin at magpasakop sa lahat ng nagmumula sa kaliwanagan, pagpapalinaw at patnubay ng Banal na Espiritu. Tanggihan ang anumang mula sa tao;

(4) Sa lahat ng bagay, hanapin ang katotohanang prinsipyo. Tiyakin na batay sa mga salita ng Diyos ang lahat ng kaunawaan sa katotohanan, at

magpasakop sa lahat ng mga katotohanan. Ito lamang ang pagpapasakop sa Diyos.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Dapat tunay at aktwal ang pagpapasakop sa gawain ng Diyos, at dapat itong isabuhay. Ang paimbabaw na pagpapasakop lamang ay hindi makatatanggap ng papuri ng Diyos, at ang pagsunod lamang sa paimbabaw na mga aspeto ng salita ng Diyos, nang hindi hinahangad ang pagbabago ng disposisyon ng isang tao, ay hindi ayon sa puso ng Diyos. Iisa't pareho ang pagsunod sa Diyos at pagpapasakop sa gawain ng Diyos. Yaong mga nagpapasakop lamang sa Diyos ngunit hindi sa gawain Niya ay hindi maituturing na masunurin, lalong hindi yaong mga hindi tunay na nagpapasakop kundi mga panlabas na manghihibo. Yaong mga tunay na nagpapasakop sa Diyos ay magkakamit lahat mula sa gawain at magtatamo ng pagkaunawa sa disposisyon at gawain ng Diyos. Ang ganitong mga tao lamang ang tunay na nagpapasakop sa Diyos. Nagkakamit ng bagong kaalaman ang ganitong mga tao, at sumasailalim sa mga bagong pagbabago, mula sa bagong gawain. Tanging ang mga taong ito lamang ang pinupuri ng Diyos; tanging ang mga taong ito lamang ang naging perpekto, at tanging ang mga ito lamang ang nagbago ang disposisyon. Yaong mga pinupuri ng Diyos ay yaong mga nagagalak magpasakop sa Diyos, at sa salita at gawain Niya. Ang ganitong mga tao lamang ang nasa tama, ang ganitong mga tao lamang ang taos-pusong nagnanais sa Diyos, at taos-pusong naghahangad sa Diyos.

Hinango mula sa "Yaong mga Sumusunod sa Diyos Nang may Tunay na Puso ay Tiyak na Makakamit ng Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Noong panahon na nasa katawang-tao ang Diyos, hindi kasama sa pagpapasakop na hinihiling Niya sa mga tao ang pagpipigil na manghusga o lumaban, na tulad ng iniisip nila; sa halip, hinihiling Niya sa mga tao na gamitin ang Kanyang mga salita bilang kanilang prinsipyong susundin sa buhay at bilang pundasyon ng kanilang pananatiling buhay, na talagang walang pasubaling isagawa nila ang diwa ng Kanyang mga salita, at lubos

nilang palugurin ang Kanyang kalooban. Ang isang aspeto ng paghiling sa mga tao na magpasakop sa Diyos na nagkatawang-tao ay tumutukoy sa pagsasagawa ng Kanyang mga salita, samantalang ang isa pang aspeto ay tumutukoy sa kakayahang magpasakop sa Kanyang pagiging normal at praktikal. Ang mga ito ay kailangang kapwa tiyak. Yaong mga makakatamo ng dalawang aspetong ito ay lahat ng yaong nagkikimkim ng tunay na pagmamahal sa kanilang puso para sa Diyos. Silang lahat ay mga taong naangkin na ng Diyos, at mahal nilang lahat ang Diyos tulad ng pagmamahal nila sa kanilang sariling buhay.

Hinango mula sa "Yaong mga Tunay na Nagmamahal sa Diyos ay Yaong mga Talagang Nagpapasakop sa Kanyang Pagiging Praktikal" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang susi sa pagsunod sa Diyos ay ang pagpapahalaga sa bagong liwanag, at ang magawang tanggapin ito at isagawa ito. Ito ang nag-iisang tunay na pagsunod. Yaong mga salat sa kaloobang maghangad sa Diyos ay walang kakayahang sadyang magpasakop sa Kanya, at maaari lamang sumalungat sa Diyos bilang kinalabasan ng kasiyahan nila sa nakasanayan na. Hindi kayang sumunod ng tao sa Diyos dahil sinapian siya ng dumating na dati. Ang mga bagay na dumating na dati ay nagbigay sa mga tao ng lahat ng uri ng mga kuro-kuro at mga guni-guni tungkol sa Diyos, at ang mga ito ang naging larawan ng Diyos sa mga isip nila. Sa gayon, ang pinaniniwalaan nila ay ang sarili nilang mga kuro-kuro, at ang mga pamantayan ng sarili nilang guni-guni. Kung ikukumpara mo ang Diyos na gumagawa ng aktwal na gawain ngayon sa Diyos ng sarili mong guni-guni, nagmumula kay Satanas ang pananampalataya mo, at nadungisan ng mga sarili mong kagustuhan—hindi nais ng Diyos ang ganitong uri ng pananampalataya. Gaano man katayog ang mga kredensyal nila, at gaano man sila kasigasig—kahit na naglaan na sila ng habambuhay na pagsisikap sa gawain Niya, at ginawang martir ang mga sarili nila—hindi sinasang-ayunan ng Diyos ang sinumang may ganitong pananampalataya. Pinagkakaloob lamang Niya sa kanila ang maliit na biyaya at hinahayaan silang tamasahin ito nang maikling panahon. Ang ganitong mga tao ay

walang kakayahang isagawa ang katotohanan. Hindi gumagawa ang Banal na Espiritu sa loob nila, at isa-isang aalisin ng Diyos ang bawat isa sa kanila. Bata man o matanda, yaong mga hindi sumusunod sa Diyos sa pananampalataya nila at mayroong mga maling layon ay yaong mga sumasalungat at umaabala, at walang alinlangang aalisin ng Diyos ang ganitong mga tao. Yaong mga taong wala ni katiting na pagsunod sa Diyos, na kinikilala lamang ang pangalan Niya, at mayroong kaunting muwang sa kabutihan at pagiging kaibig-ibig ng Diyos, subalit hindi sumasabay sa mga hakbang ng Banal na Espiritu, at hindi sumusunod sa kasalukuyang gawain at mga salita ng Banal na Espiritu—namumuhay ang ganitong mga tao sa gitna ng biyaya ng Diyos, at hindi Niya kakamtin o gagawing perpekto. Ginagawang perpekto ng Diyos ang mga tao sa pamamagitan ng pagsunod nila, sa pamamagitan ng pagkain, pag-inom, at pagtamasa nila sa mga salita ng Diyos, at sa pamamagitan ng pagdurusa at pagpipino sa mga buhay nila. Tanging sa pamamagitan ng ganitong pananampalataya maaaring magbago ang mga disposisyon ng mga tao, at saka lamang nila maaaring taglayin ang tunay na kaalaman tungkol sa Diyos. Ang pagiging hindi nalulugod sa pamumuhay sa gitna ng biyaya ng Diyos, ang aktibong pananabik at paghahanap sa katotohanan, at paghahangad na makamit ng Diyos—ito ang kahulugan ng sadyang pagsunod sa Diyos at ito ang mismong uri ng pananampalatayang nais Niya. Ang mga taong walang ibang ginagawa kundi tamasahin ang biyaya ng Diyos ay hindi maaaring gawing perpekto o mabago, at paimbabaw lahat ang pagsunod, pagkamaka-Diyos, pagmamahal, at pagtitiis nila. Hindi magagawang tunay na makilala ang Diyos ng yaong mga nagtatamasa lamang ng biyaya ng Diyos, at kahit makilala nila ang Diyos, paimbabaw lamang ang kaalaman nila, at sinasabi nila ang mga bagay na tulad ng “mahal ng Diyos ang tao,” o “mahabagin ang Diyos sa tao.” Hindi nito kinakatawan ang buhay ng tao, at hindi ipinapakitang tunay na nakikilala ng mga tao ang Diyos. Kung kapag pinipino sila ng mga salita ng Diyos, o dumarating sa kanila ang mga pagsubok Niya, ay hindi nagagawang sumunod ng mga tao sa Diyos—kung, sa halip, ay nagiging mapagduda

sila, at bumabagsak—hindi sila masunurin ni katiting. Sa loob nila, maraming patakaran at paghihigpit tungkol sa pananampalataya sa Diyos; mga lumang karanasang bunga ng maraming taon ng pananampalataya, o ng iba't ibang doktrinang nakabatay sa Biblia. Kaya bang sumunod sa Diyos ang ganitong mga tao? Puspos ang mga taong ito ng mga pantaong bagay—paano sila makasusunod sa Diyos? Ang "pagsunod" nila ay ayon sa pansarili nilang kagustuhan—nanaisin ba ng Diyos ang pagsunod na tulad nito? Hindi ito pagsunod sa Diyos, kundi pagkapit sa doktrina; ito ay kasiyahan sa sarili at pagpapahinahon sa sarili. Kung sinasabi mong pagsunod ito sa Diyos, hindi ka ba lumalapastangan laban sa Kanya?

Hinango mula sa "Sa Pananampalataya Mo sa Diyos, Dapat Kang Sumunod sa Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung kayang bitawan ng mga tao ang mga pagkaunawang pangrelihiyon, hindi nila gagamitin ang mga isip nila para sukatin ang mga salita at gawain ng Diyos ngayon, at sa halip ay tuwirang susunod. Bagamat ang gawain ng Diyos ngayon ay maliwanag na hindi katulad ng sa nakaraan, hindi mo pa rin magawang bitawan ang mga pananaw ng nakalipas at tuwirang sumunod sa gawain ng Diyos ngayon. Kung may kakayahan kang maunawaan na dapat mong bigyan ng kataas-taasang posisyon ang gawain ng Diyos ngayon, paano man Siya gumawa noong nakaraan, isa kang tao na nabitawan na ang mga palagay niya, na sumusunod sa Diyos, at na kayang sumunod sa gawain at mga salita ng Diyos at sundan ang mga yapak Niya. Sa ganito, magiging isa kang taong tunay na sumusunod sa Diyos. Hindi mo sinusuri o masusing sinisiyasat ang gawain ng Diyos; ito ay para bang nakalimutan na ng Diyos ang dati Niyang gawain, at nakalimutan mo na rin ito. Ang kasalukuyan ay ang kasalukuyan, at ang nakaraan ay ang nakaraan, at yamang ngayon, isinantabi na ng Diyos ang ginawa Niya noong nakalipas, hindi ka dapat manahan dito. Tanging ang ganitong tao lamang ang taong lubos na sumusunod sa Diyos at tuluyang bumitiw na sa mga pagkaunawang pangrelihiyon niya.

Hinango mula sa “Tanging Yaong mga Nakababatid Lamang ng Gawain ng Diyos Ngayon ang Maaaring Paglingkuran ang Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Yamang naniniwala ka sa Diyos, dapat kang manampalataya sa lahat ng mga salita ng Diyos at sa lahat ng gawain Niya. Na ibig sabihin, yamang naniniwala ka sa Diyos, dapat kang sumunod sa Kanya. Kung hindi mo kayang gawin ito, hindi mahalaga kung naniniwala ka o hindi sa Diyos. Kung naniniwala ka sa Diyos sa loob ng maraming taon, subalit hindi Siya kailanman sinunod, at hindi tinatanggap ang kabuuan ng mga salita Niya, at sa halip hinihingi sa Diyos na magpasakop Siya sa iyo at kumilos ayon sa mga kuro-kuro mo, ikaw ang pinakamapanghimagsik sa lahat, isa kang hindi mananampalataya. Paanong makasusunod ang ganitong mga tao sa gawain at mga salita ng Diyos na hindi umaayon sa mga kuro-kuro ng tao? Ang pinakamapanghimagsik sa lahat ay yaong mga sinasadyang lumabag at lumaban sa Diyos. Sila ang mga kaaway ng Diyos, ang mga anticristo. Ang sa kanila ay palaging pag-uugali ng poot sa bagong gawain ng Diyos; hindi sila kailanman nagkaroon ng ni katiting na kagustuhang magpasakop, ni hindi sila kailanman nagalak na magpasakop o magpakumbaba ng sarili nila. Dinadakila nila ang mga sarili nila bago ang iba at hindi kailanman nagpapasakop sa sinuman. Sa harap ng Diyos, itinuturing nila ang mga sarili nilang pinakamahusay sa pangangaral ng salita, at ang pinakabihasa sa paggawa sa iba. Hindi nila kailanman itinatapon ang mga “kayamanang” nasa pag-aari nila, kundi itinuturing sila bilang mga pamana ng pamilya para sambahin, para ipangaral sa iba ang tungkol dito, at ginagamit nila ang mga ito para magsermon sa yaong mga hangal na iniidolo sila. Tunay ngang may ilang taong tulad nito sa loob ng iglesia. Masasabing sila ay mga “hindi palulupig na mga bayani,” na bawat salinlahi ay pansamantalang nananahan sa tahanan ng Diyos. Ipinapalagay nila ang pangangaral ng salita (doktrina) bilang pinakamataas nilang tungkulin. Bawat taon, bawat salinlahi, masigasig nilang ipinatutupad ang “sagrado at hindi malalabag” na tungkulin nila. Walang nangangahas na salingin sila; wala kahit isang tao ang nangangahas na lantarang sawayin sila. Nagiging

“mga hari” sila sa tahanan ng Diyos, nagwawala habang sinisiil nila ang iba sa bawat kapanahunan. Naghahangad ang pangkat ng mga demonyong ito na makipagsanib at gibain ang gawain Ko; paano Ko mapahihintulutang umiral ang mga buhay na diyablong ito sa harap ng mga mata Ko? Kahit yaong mga kalahating masunurin lamang ay hindi makapagpapatuloy hanggang sa katapusan, lalong hindi itong mga maniniil na wala ni katiting na pagsunod sa mga puso nila!

Hinango mula sa “Yaong mga Sumusunod sa Diyos Nang may Tunay na Puso ay Tiyak na Makakamit ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Lahat yaong mga hindi naghahangad ng pagsunod sa Diyos sa pananampalataya nila ay sumasalungat sa Kanya. Hinihiling ng Diyos na hanapin ng mga tao ang katotohanan, na mauhaw sila sa mga salita Niya, kainin at inumin ang mga salita Niya, at isagawa ang mga ito, upang makamit nila ang pagsunod sa Diyos. Kung ang mga ito ang tunay mong mga layon, tiyak na itataas ka ng Diyos, at tiyak na magiging mapagbiyaya sa iyo. Ito ay hindi mapagdududahan at hindi mababago. Kung ang layon mo ay hindi sumunod sa Diyos, at mayroon kang ibang mga pakay, lahat ng sinasabi at ginagawa mo—ang panalangin mo sa harap ng Diyos, at maging ang bawat kilos mo—ay magiging pagsalungat sa Kanya. Maaaring ikaw ay malumanay magsalita at may banayad na asal, maaaring mukhang wasto ang bawat kilos at pagpapahayag mo, at maaaring mukha kang isang taong sumusunod, ngunit pagdating sa mga layon mo at sa mga pananaw mo tungkol sa pananampalataya sa Diyos, pagsalungat sa Diyos ang lahat ng ginagawa mo; kasamaan ang lahat ng ginagawa mo. Ang mga taong lumilitaw bilang masusunurin tulad ng mga tupa, ngunit nagkikimkim ang mga puso ng masasamang pakay, ay mga lobong nakadamit ng pang-tupa. Tuwiran silang nagkakasala sa Diyos, at hindi ititira ng Diyos ang kahit isa sa kanila. Ibubunyag ng Banal na Espiritu ang bawat isa sa kanila at ipapakita sa lahat na yaong mga mapagkunwari ay tiyak na kamumuhian at tatanggihan ng Banal na Espiritu. Huwag mag-alala: Pakikitunguhan at itatapon ng Diyos ang bawat isa sa kanila nang

sunud-sunod.

Hinango mula sa “Sa Pananampalataya Mo sa Diyos, Dapat Kang Sumunod sa Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ako ay isang apoy na tumutupok sa lahat at hindi Ko kinukunsinti ang pagkakasala. Dahil Ako ang lumikha sa lahat ng mga tao, anuman ang sabihin at gawin Ko, kailangan silang sumunod, at hindi sila maaaring maghimagsik. Walang karapatan ang mga tao na makialam sa Aking gawain, at lalong hindi sila karapat-dapat na suriin kung ano ang tama o mali sa Aking gawain at sa Aking mga salita. Ako ang Panginoon ng paglikha, at dapat makamit ng mga nilalang ang lahat ng hinihiling Ko nang may pusong may paggalang sa Akin; hindi nila dapat subukang mangatwiran sa Akin, at lalo nang hindi sila dapat lumaban. Pinamamahalaan Ko ang Aking mga tao gamit ang Aking awtoridad, at lahat niyaong bahagi ng Aking paglikha ay dapat magpasakop sa Aking awtoridad.

Hinango mula sa “Kapag ang mga Dahong Nalalaglag ay Bumalik sa mga Ugat Nito, Pagsisisihan Mo ang Lahat ng Kasamaang Nagawa Mo” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa pagsukat kung masusunod ng mga tao ang Diyos o hindi, ang mahalagang tingnan ay kung may hinahangad silang anumang labis-labis mula sa Diyos, at kung may iba pa silang mga lihim na motibo o wala. Kung laging humihiling ang mga tao sa Diyos, pinatutunayan nito na hindi sila masunurin sa Kanya. Anuman ang mangyari sa iyo, kung hindi mo ito natatanggap mula sa Diyos, hindi nahahanap ang katotohanan, laging nagsasalita mula sa iyong pansariling pangangatwiran at laging nadarama na ikaw lamang ang tama, at kaya pa ring pagdudahan ang Diyos, magkakaproblema ka. Ang gayong mga tao ang pinakamayabang at pinakasuwail sa Diyos. Ang mga taong laging may hinihiling sa Diyos ay hindi kailanman totoong makasusunod sa Kanya. Kung humihiling ka sa Diyos, pinatutunayan nito na nakikipagkasundo ka sa Kanya, na pinipili mo ang mga sarili mong saloobin, at kumikilos ayon sa mga sarili mong

saloobin. Dito, ipinagkakanulo mo ang Diyos, at walang pagsunod. Walang katuturan ang paghingi sa Diyos; kung totoong naniniwala ka na Siya ang Diyos, hindi ka mangangahas na humiling sa Kanya, o hindi ka magiging karapat-dapat na humiling sa Kanya, makatwiran man ang mga ito o hindi. Kung may totoo kang pananampalataya, at naniniwala na Siya ang Diyos, kung gayon ay wala kang mapagpipilian kundi sambahin at sundin Siya. Hindi lamang may mapagpipilian ang mga tao ngayon, kundi hinihingi pang kumilos ang Diyos alinsunod sa sarili nilang mga saloobin. Pinipili nila ang sarili nilang mga saloobin at hinihingi na kumilos ang Diyos ayon sa mga ito, at hindi nila hinihingi sa kanilang sarili na kumilos ayon sa mga saloobin ng Diyos. Samakatuwid, walang totoong pananampalataya sa tao, walang malaking pananampalataya, at hindi nila kailanman matatanggap ang papuri ng Diyos. Kapag nagagawa mong bawasan ang mga hinihingi mo sa Diyos, lalago ang iyong totoong pananampalataya at pagiging masunurin, at magiging normal din kung ihahambing ang iyong katinuan.

Hinango mula sa “Masyadong Maraming Hinihingi ang mga Tao Mula sa Diyos” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kapag nahaharap sa mga problema sa tunay na buhay, paano mo dapat alamin at unawain ang awtoridad ng Diyos at ang Kanyang kataas-taasang kapangyarihan? Kapag naharap ka sa ganitong mga problema at hindi mo alam kung paano unawain, hawakan, at danasin ang mga ito, anong saloobin ang dapat mong angkinin upang ipakita ang iyong intensyong magpasakop, ang iyong pagnanais na magpasakop, at ang realidad ng iyong pagpapasakop sa kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos? Una, dapat mong matutuhan ang maghintay; pagkatapos, dapat mong matutuhang maghanap; pagkatapos, dapat mong matutuhang magpasakop. Ang “paghihintay” ay nangangahulugan na paghihintay sa panahon ng Diyos, hinihintay ang mga tao, pangyayari, at bagay na Kanyang isinaayos para sa iyo, naghihintay na unti-unting ibunyag ng Kanyang kalooban ang kanyang sarili sa iyo. Ang ibig sabihin ng “paghahanap” ay pagmamasid at pag-unawa sa maalalahaning mga

intensyon ng Diyos para sa iyo sa pamamagitan ng mga tao, pangyayari, at bagay na inilatag Niya, pag-unawa sa katotohanan sa pamamagitan nila, pag-unawa sa dapat maisagawa ng tao at mga daang dapat nilang sundan, pag-unawa sa mga resulta na nais na makamtan ng Diyos sa mga tao at ano ang mga gusto Niyang magawa sa kanila. Ang "pagpapasakop," mangyari pa, ay tumutukoy sa pagtanggap sa mga tao, pangyayari, at bagay na isinaayos ng Diyos, pagtanggap sa Kanyang kataas-taasang kapangyarihan at, sa pamamagitan nito, ay malaman kung paano idinidikta ng Lumikha ang kapalaran ng tao, kung paano Niya tinutustusan ang tao ng Kanyang buhay, kung paano Niya pinapagana ang katotohanan sa tao. Lahat ng bagay sa ilalim ng mga pagsasaayos at kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos ay sumusunod sa natural na mga batas, at kung pagpasyahan mo na hayaan ang Diyos na isaayos at diktahan ang lahat para sa iyo, dapat mong matutuhan ang maghintay, dapat mong matutuhan ang maghanap, at dapat mong matutuhan ang magpasakop. Ito ang saloobin na dapat magkaroon ang bawat tao na nagnanais magpasakop sa awtoridad ng Diyos, ang pangunahing katangian na dapat taglayin ng bawat tao na nagnanais tanggapin ang kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos. Upang magkaroon ng ganoong saloobin at para magkaroon ng ganoong katangian, dapat ay lalo kang magpunyagi. Ito ang tanging paraan para makapasok sa tunay na realidad.

Hinango mula sa "Ang Diyos Mismo, ang Natatangi III" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Noong gumawa si Noe ayon sa tagubilin ng Diyos, hindi niya alam kung ano ang mga layunin ng Diyos. Hindi niya alam kung ano ang gustong maisakatuparan ng Diyos. Binigyan lang siya ng Diyos ng kautusan at binilinan siyang gumawa ng isang bagay, at nang walang gaanong paliwanag, tumuloy si Noe at ginawa ito. Hindi niya sinubukang alamin ang mga layunin ng Diyos nang palihim, ni hindi siya lumaban sa Diyos o nagpakita nang kawalang-katapatan. Humayo lamang siya at ginawa ito nang may malinis at simpleng puso. Anuman ang ipinagawa ng

Diyos ay ginawa niya, at ang pagsunod at pakikinig sa salita ng Diyos ang nagpalakas ng kanyang paniniwala sa kanyang ginawa. Ganito katapat at kasimple ang pagharap niya sa ipinagkatiwala ng Diyos. Ang kanyang diwa—ang diwa ng kanyang mga paggawa ay pagsunod, hindi pagdadalawang-isip, hindi paglaban, at higit pa rito, hindi pag-iisip ng mga pansarili niyang kapakanan o pakinabang at kawalan. At noon pang sinabi ng Diyos na gugunawin Niya ang mundo sa pamamagitan ng isang baha, hindi tinanong ni Noe kung kailan o kung anong mangyayari sa mga bagay-bagay, at tiyak na hindi niya tinanong ang Diyos kung paano Niya gugunawin ang mundo. Gumawa lang siya ayon sa tagubilin ng Diyos. Sa paano mang paraan nais ng Diyos na gawin ito at kung sa ano gawa ito, ginawa niya mismo ang hiningi ng Diyos at kaagad na sinimulan ang paggawa. Kumilos siya alinsunod sa mga tagubilin ng Diyos nang may saloobing nagnanais na magbigay-kasiyahan sa Diyos. Ginagawa ba niya ito upang matulungan ang sarili niya na makaiwas sa sakuna? Hindi. Tinanong ba niya ang Diyos kung gaano pa katagal bago gunawin ang mundo? Hindi. Tinanong ba niya ang Diyos o alam ba niya kung gaano katagal gawin ang arka? Hindi rin niya alam iyon. Sumunod lamang siya, nakinig, at ginawa ang ipinag-uutos.

Hinango mula sa “Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo I” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa kanyang paniniwala sa Diyos, hinangad ni Pedro na bigyang-kasiyahan ang Diyos sa lahat ng bagay, at hinangad na sundin ang lahat ng nagmula sa Diyos. Wala ni katiting na reklamo, nagawa niyang tanggapin ang pagkastigo at paghatol, gayundin ang pagpipino, kapighatian at kakulangan sa kanyang buhay, at walang isa man dito na maaaring magpabago sa kanyang pagmamahal sa Diyos. Hindi ba ito ang sukdulang pagmamahal sa Diyos? Hindi ba ito ang katuparan ng tungkulin ng isang nilalang ng Diyos? Sa pagkastigo man, paghatol, o kapighatian, lagi kang may kakayahang maging masunurin hanggang kamatayan, at ito ang dapat makamit ng isang nilalang ng Diyos, ito ang kadalisayan ng

pagmamahal sa Diyos. Kung makakamtan ng tao ang ganito, siya ay isang angkop na nilalang ng Diyos, at wala nang ibang mas nagbibigay-kasiyahan sa naisin ng Lumikha. Ipagpalagay nang nakakagawa ka para sa Diyos, subalit hindi ka sumusunod sa Diyos, at hindi mo kayang tunay na mahalin ang Diyos. Sa ganitong paraan, hindi mo lamang hindi natupad ang tungkulin ng isang nilalang ng Diyos, kundi ikukondena ka rin ng Diyos, dahil ikaw ay isang taong hindi nagtataglay ng katotohanan, na walang kakayahang sumunod sa Diyos, at suwail sa Diyos. Pinahahalagahan mo lamang ang paggawa para sa Diyos, at hindi mo pinahahalagahan ang pagsasagawa ng katotohanan o pagkilala sa iyong sarili. Hindi mo nauunawaan o nakikilala ang Lumikha, at hindi mo sinusunod o minamahal ang Lumikha. Ikaw ay isang taong likas na suwail sa Diyos, kaya nga ang gayong mga tao ay hindi minamahal ng Lumikha.

Hinango mula sa “Ang Tagumpay o Kabiguan ay Depende sa Landas na Tinatahak ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang pagbabahagi ng isang matunog na patotoo para sa Diyos una sa lahat ay may kaugnayan sa kung mayroon o wala kang pagkaunawa sa praktikal na Diyos, at kung nagagawa mong magpasakop o hindi sa harap ng taong ito na hindi lamang karaniwan, kundi normal, at magpasakop kahit hanggang kamatayan. Kung ikaw, sa pamamagitan ng pagpapasakop na ito, ay tunay na nagpapatotoo para sa Diyos, ibig sabihin niyan ay naangkin ka ng Diyos. Kung makakapagpasakop ka hanggang kamatayan, at sa Kanyang harapan, wala ka nang mga reklamo, hindi ka nanghuhusga, hindi ka naninirang-puri, wala kang anumang mga pagkaintindi, at wala kang anumang mga lihim na motibo, sa ganitong paraan ay magtatamo ng kaluwalhatian ang Diyos. Ang pagpapasakop sa harap ng isang karaniwang tao na hinahamak ng tao, at nagagawang magpasakop hanggang kamatayan nang walang anumang mga pagkaintindi—ito ay tunay na patotoo. Ang realidad na kinakailangan ng Diyos na pasukin ng mga tao ay na nagagawa mong sundin ang Kanyang mga salita, isagawa ang mga ito, yumuko sa harap ng praktikal na Diyos at

alamin ang sarili mong katiwalian, buksan ang iyong puso sa Kanyang harapan, at, sa bandang huli, maangkin Niya sa pamamagitan ng mga salita Niyang ito. Nagtatamo ng kaluwalhatian ang Diyos kapag nilulupig ka ng mga pahayag na ito at nahihikayat kang lubos na sumunod sa Kanya; sa pamamagitan nito, hinihiya Niya si Satanas at kinukumpleto ang Kanyang gawain. Kapag wala kang anumang mga pagkaintindi tungkol sa pagiging praktikal ng Diyos na nagkatawang-tao—ibig sabihin, kapag nakapanindigan ka sa pagsubok na ito—mahusay mong naibahagi ang patotoong ito. Kung dumating ang araw na magkaroon ka ng lubos na pagkaunawa sa praktikal na Diyos at kaya mong magpasakop hanggang kamatayan kagaya ni Pedro, maaangkin ka ng Diyos at magagawa ka Niyang perpekto. Aumang ginagawa ng Diyos na hindi nakaayon sa iyong mga pagkaintindi ay isang pagsubok para sa iyo. Kung ang gawain ng Diyos ay nakaayon sa iyong mga pagkaintindi, hindi ka na kailangang magdusa o mapino. Ito ay dahil sa ang Kanyang gawain ay napaka-praktikal at hindi nakaayon sa iyong mga pagkaintindi kaya kailangan mong pakawalan ang mga pagkaintinding iyon. Kaya nga ito ay isang pagsubok para sa iyo. Dahil sa pagiging praktikal ng Diyos kaya lahat ng tao ay nasa gitna ng mga pagsubok; ang Kanyang gawain ay praktikal, hindi higit sa karaniwan. Sa pamamagitan ng lubos na pag-unawa sa Kanyang praktikal na mga salita at Kanyang praktikal na mga pahayag nang walang anumang mga pagkaintindi, at sa tunay na pagmamahal sa Kanya lalo pang lumalago ang Kanyang gawain, maaangkin ka Niya. Ang grupo ng mga tao na maaangkin ng Diyos ay yaong mga nakakikilala sa Diyos; ibig sabihin, yaong mga nakakaalam sa Kanyang pagiging praktikal. Bukod pa riyan, sila yaong mga nagagawang magpasakop sa praktikal na gawain ng Diyos.

Hinango mula sa “Yaong mga Tunay na Nagmamahal sa Diyos ay Yaong mga Talagang Nagpapasakop sa Kanyang Pagiging Praktikal” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

157. Ang mga Prinsipyo ng Pagpapasakop sa Gawain ng Banal na Espiritu

(1) Kinakailangang madalas na maging payapa sa harapan ng Diyos

at kumain at uminom ng Kanyang mga salita. Sa ganito lamang matatamo ang kaliwanagan at pagpapalinaw ng Banal na Espiritu;

(2) Kinakailangang magpasakop sa kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos, at kinakailangang tanggapin at magpasakop sa lahat ng pagtatabas at pakikiharap, lahat ng pagdidisiplina at pagpalo, at lahat ng mga pagsubok at pagpipino na nagmumula sa Banal na Espiritu;

(3) Kinakailangan ang pagtanggap at pagpapasakop sa mga gawaing pagsasaayos ng taong kinasangkapan ng Banal na Espiritu, gayundin ang kanyang pagsasalamuha at mga pangaral, sapagkat bahagi ng gawain ng Banal na Espiritu ang mga ito;

(4) Kinakailangan ang magpasakop sa pagsasalamuha ng mga pinuno at mga manggagawa sa alinmang antas at ng mga kapatid, hangga't nagmumula sa kaliwanagan at pagpapalinaw ng Banal na Espiritu ang pagsasalamuhang iyon at naaayon sa katotohanan.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang "pagsunod sa gawain ng Banal na Espiritu" ay nangangahulugan ng pagkaunawa sa kalooban ng Diyos sa kasalukuyan, ang magawang kumilos alinsunod sa kasalukuyang mga hinihingi ng Diyos, ang magawang sumunod at sundan ang Diyos sa kasalukuyan, at pagpasok alinsunod sa pinakabagong mga pagpapahayag ng Diyos. Tanging ito ang isang tao na sumusunod sa gawain ng Banal na Espiritu at nasa daloy ng Banal na Espiritu. Ang gayong mga tao ay hindi lamang may kakayahan na matanggap ang papuri ng Diyos at makita ang Diyos, kundi malalaman din nila ang disposisyon ng Diyos mula sa pinakabagong gawain ng Diyos, at malalaman din ang mga palagay at pagsuway ng tao, at kalikasan at diwa ng tao, mula sa Kanyang pinakabagong gawain; bukod dito, nagagawa nilang unti-unting matamo ang mga pagbabago sa kanilang disposisyon sa panahon ng kanilang paglilingkod. Ang mga tao lamang na kagaya nito ang nagagawang kamtin ang Diyos, at tunay na nakasumpong na sa tunay na daan. Ang mga taong inaalis ng gawain ng Banal na Espiritu ay mga tao na walang kakayahan na sundin ang pinakabagong gawain ng Diyos, at mga naghihimagsik laban sa pinakabagong gawain ng Diyos. Ang gayong mga

tao ay hayagang kinakalaban ang Diyos sapagkat ang Diyos ay gumawa ng bagong gawain, at sapagkat ang imahe ng Diyos ay hindi kagaya ng sa kanilang mga palagay—bilang resulta nito, hayagan nilang kinakalaban ang Diyos at hinahatulan ang Diyos, na humahantong na sila ay kasuklaman at tanggihan ng Diyos. Ang pagtataglay ng kaalaman tungkol sa pinakabagong gawain ng Diyos ay hindi madaling bagay, ngunit kung gusto ng mga tao na sumunod sa gawain ng Diyos at hangarin ang gawain ng Diyos, magkakaroon sila ng pagkakataon na makita ang Diyos, at magkakaroon ng pagkakataon na kamtin ang pinakabagong paggabay ng Banal na Espiritu. Yaong mga sinasadyang kalabanin ang gawain ng Diyos ay hindi makakatanggap ng kaliwanagan ng Banal na Espiritu o ng paggabay ng Diyos. Kaya, kung matatanggap man o hindi ng mga tao ang pinakabagong gawain ng Diyos ay nakasalalay sa biyaya ng Diyos, nakasalalay ito sa kanilang paghahangad, at nakasalalay ito sa kanilang mga layunin.

Lahat ng kayang sumunod sa kasalukuyang mga pagpapahayag ng Banal na Espiritu ay mga pinagpala. Hindi mahalaga kung paano man sila dati, o kung paano gumagawa ang Banal na Espiritu sa kalooban nila dati—yaong mga nagkamit na ng pinakabagong gawain ng Diyos ang mga pinakapinagpala, at yaong hindi nakasusunod sa pinakabagong gawain sa kasalukuyan ay inaalis. Nais ng Diyos yaong kayang tanggapin ang bagong liwanag, at nais Niya yaong tumatanggap at nakakaalam sa Kanyang pinakabagong gawain. Bakit sinasabi na dapat kang maging isang malinis na birhen? Nagagawa ng isang malinis na birhen na hangarin ang gawain ng Banal na Espiritu at maunawaan ang mga bagong bagay, at higit pa rito, nagagawang isantabi ang mga dating palagay, at sumunod sa gawain ng Diyos sa kasalukuyan. Ang grupong ito ng mga tao, na tumatanggap sa pinakabagong gawain sa kasalukuyan, ay mga itinadhana ng Diyos bago pa ang mga kapanahunan, at ang mga pinakapinagpala sa lahat ng tao. Naririnig ninyo nang tuwiran ang tinig ng Diyos, at nakikita ang pagpapakita ng Diyos, at kaya, sa kabuuan ng langit at lupa, at sa kabuuan ng mga kapanahunan, walang sinuman ang naging mas pinagpala kaysa

sa inyo, ang grupong ito ng mga tao. Ang lahat ng ito ay dahil sa gawain ng Diyos, dahil sa pagtatadhana at pagpili ng Diyos, at dahil sa biyaya ng Diyos; kung hindi sinabi at binigkas ng Diyos ang Kanyang mga salita, maaari kayang ang inyong mga kalagayan ay magiging kagaya ng sa kasalukuyan? Kaya, lahat nawa ng kaluwalhatian at papuri ay mapasa-Diyos, sapagka't ang lahat ng ito ay dahil itinataas kayo ng Diyos.

Hinango mula sa "Alamin ang Pinakabagong Gawain ng Diyos at Sumunod sa Kanyang mga Yapak" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung namumuhay ang mga tao ayon sa mga salita ng Diyos, sasakanila ang Banal na Espiritu at gagawaan sila. Kung ang mga tao ay hindi namumuhay ayon sa mga salita ng Diyos, nabubuhay sila sa mga gapos ni Satanas. Kung nabubuhay ang mga tao na may mga tiwaling disposisyon, wala sa kanila ang presensya o gawain ng Banal na Espiritu. Kung namumuhay ka ayon sa mga salita ng Diyos, at kung nabubuhay ka sa kalagayang hinihingi ng Diyos, nabibilang ka sa Kanya, at gagawaan ka Niya; kung hindi ka namumuhay ayon sa mga hinihingi ng Diyos, kundi sa halip ay nabubuhay ka sa ilalim ng sakop ni Satanas, tiyak na namumuhay ka ayon sa katiwalian ni Satanas. Kapag namuhay ka ayon sa mga salita ng Diyos at ibinigay mo ang iyong puso sa Kanya, saka mo lamang matutugunan ang Kanyang mga hinihingi; kailangan mong gawin ang sinasabi ng Diyos, gawing pundasyon ng iyong pag-iral at realidad ng iyong buhay ang Kanyang mga pahayag; saka ka lamang mapapabilang sa Diyos. Kung talagang namumuhay ka alinsunod sa kalooban ng Diyos, gagawaan ka ng Diyos at sa gayon ay mabubuhay ka sa ilalim ng Kanyang mga pagpapala, sa liwanag ng Kanyang mukha; mauunawaan mo ang gawaing ginagampanan ng Banal na Espiritu at madarama ang kagalakan ng presensya ng Diyos.

Hinango mula sa "Tumakas Mula sa Impluwensya ng Kadiliman, at Kakamtin Ka ng Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Nagbabago ang gawain ng Banal na Espiritu araw-araw. Mas tumataas ito sa bawat hakbang, ang pahayag ng bukas ay mas mataas

kaysa sa ngayon, umaakyat nang mas mataas, bawat yapak. Ganito ang gawain kung saan ginagawang perpekto ng Diyos ang tao. Kung hindi makasasabay ang mga tao, maaari silang itaboy anumang oras. Kung wala silang puso ng pagkamasunurin, hindi sila makasusunod hanggang sa pinakahuli. Nakalipas na ang dating kapanahunan; ito ay isang bagong kapanahunan. At sa isang bagong kapanahunan, bagong gawain ang dapat gawin. Lalung-lalo na sa huling kapanahunan kung saan gagawing perpekto ang tao, magsasagawa ang Diyos ng bagong gawain, nang mas mabilis, kaya kung walang pagsunod sa mga puso nila, mahihirapan ang mga tao na sumunod sa mga yapak ng Diyos. Hindi sumusunod ang Diyos sa anumang mga patakaran, ni itinuturing Niyang hindi nagbabago ang anumang yugto ng gawain Niya. Sa halip, ang gawaing ginagawa Niya ay mas bago pa at mas mataas pa. Sa bawat yugto, nagiging higit na praktikal ang gawain Niya, at lalong umaayon sa aktwal na mga pangangailangan ng tao. Pagkatapos lamang maranasan ng mga tao ang ganitong gawain ay matatamo nila ang huling pagpapabago ng disposisyon nila. Ang kaalaman ng tao sa buhay ay umaabot sa mas mataas pang mga antas, at kaya, gayundin, ang gawain ng Diyos ay umaabot sa mas mataas pang mga antas. Sa gayon lamang magagawang perpekto ang tao at magiging akma para sa paggamit ng Diyos. Gumagawa ang Diyos sa ganitong paraan sa isang banda upang salungatin at baligtarin ang mga kuro-kuro ng tao, at sa kabila ay upang akayin ang tao tungo sa isang mas mataas at mas makatotohanang kalagayan, tungo sa pinakamataas na dako ng paniniwala sa Diyos, upang sa huli, magagawa ang kalooban ng Diyos. Lahat yaong mga may ugaling masuwayin na sinasadyang sumalungat ay itataboy ng yugtong ito ng matulin at galit na galit na pagsulong na gawain ng Diyos; tanging yaong mga handang sumusunod at nagagalak na magpakumbaba ng sarili nila lamang ang makasusulong hanggang sa katapusan ng daan. Sa ganitong uring gawain, dapat matuto kayong lahat kung paano magpasakop at kung paano isaisantabi ang mga kuro-kuro ninyo. Dapat kang maging maingat sa bawat hakbang na gagawin mo. Kung pabaya ka, tiyak na magiging isa kang tinatanggihan nang may

paghamak ng Banal na Espiritu, isang gumagambala sa gawain ng Diyos. Bago sumailalim sa yugtong ito ng gawain, ang mga patakaran at mga batas ng tao noon ay sobrang napakarami na nadala siya, at bilang resulta, naging palalo siya at nakalimutan ang sarili niya. Mga balakid ang lahat ng mga ito na pumipigil sa tao na tanggapin ang bagong gawain ng Diyos; sila ang mga kaaway ng kaalaman ng tao sa Diyos. Mapanganib para sa mga tao ang hindi magkaroon ng pagsunod sa mga puso nila o ng pananabik para sa katotohanan. Kung nagpapasakop ka lamang sa gawain at sa mga salitang payak, at walang kakayahang tumanggap ng anumang mas malalim, isa kang kumakapit sa mga lumang pamamaraan at hindi makasasabay sa gawain ng Banal na Espiritu.

Hinango mula sa “Yaong mga Sumusunod sa Diyos Nang may Tunay na Puso ay Tiyak na Makakamit ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang gawaing ginagawa ng Diyos ay nag-iiba sa bawat panahon. Kung may malaki kang pagsunod sa isang yugto ng gawain ng Diyos, ngunit sa susunod na yugto ang pagsunod mo sa gawain Niya ay salat, o wala kang kakayan sa pagsunod, lilisanin ka ng Diyos. Kung makasasabay ka sa Diyos habang ginagawa Niya ang hakbang na ito, dapat kang magpatuloy na sumabay kapag umakyat Siya sa susunod; doon ka lamang magiging isang taong masunurin sa Banal na Espiritu. Yamang naniniwala ka sa Diyos, dapat manatili kang hindi nagbabago sa pagsunod mo. Hindi maaaring susunod ka lamang kapag gusto mo at susuway kapag ayaw mo. Ang ganitong uri ng pagkamasunurin ay hindi pinupuri ng Diyos. Kung hindi ka makasasabay sa bagong gawaing ibinabahagi Ko, at patuloy na nakahawak sa mga dating kasabihan, paanong magkakaroon ng pag-unlad sa buhay mo? Ang gawain ng Diyos ay ang tustusan ka sa pamamagitan ng mga salita Niya. Kapag sinusunod at tinatanggap mo ang mga salita Niya, tiyak na gagawa sa iyo ang Banal na Espiritu. Gumagawa ang Banal na Espiritu nang eksakto sa sinasabi Ko; gawin mo ang sinabi Ko, at ang Banal na Espiritu ay kaagad gagawa sa iyo. Naglalabas Ako ng bagong ilaw upang mapagmasdan ninyo, na dadalhin kayo sa loob ng ilaw ng

kasalukuyan, at kapag lumakad ka sa loob ng ilaw na ito, ang Banal na Espiritu ay kaagad na gagawa sa iyo. Mayroong ilang maaaring matigas ang ulo, sinasabing, “Hindi ko isasakatuparan ang sinasabi Mo.” Kung gayon, sinasabi Ko sa iyo na nakarating ka na ngayon sa katapusan; natuyo at wala ka nang buhay. Kaya naman, sa pagdanas ng pagbabago ng disposisyon mo, walang mas mahalaga kaysa sa ang pagsabay sa kasalukuyang ilaw. Ang Banal na Espiritu ay hindi lamang gumagawa sa ilang mga taong ginagamit ng Diyos, kundi, higit pa rito, sa iglesia. Maaaring gumagawa Siya sa sinuman. Maaaring gumawa Siya sa iyo sa kasalukuyang oras, at mararanasan mo ang gawaing ito. Sa susunod na yugto, maaari Siyang gumawa sa ibang tao, kung gayon dapat kang magmadaling makasunod; kapag mas malapit mong sinusundan ang kasalukuyang ilaw, mas higit na lalago ang buhay mo. Kahit na ano pang uri ang isang tao, kung gumagawa sa kanya ang Banal na Espiritu, dapat kang sumunod. Kunin mo ang mga karanasan niya sa sarili mo, at tatanggap ka ng mas higit pang mga bagay. Sa paggawa nito mas mabilis kang uusad. Ito ang landas ng pagkaperpekto para sa tao at paraan kung saan lalago ang buhay. Ang landas ng pagiging perpekto ay naaabot sa pamamagitan ng pagsunod mo sa gawain ng Banal na Espiritu. Hindi mo alam kung sa pamamagitan ng anong uri ng tao gagawa ang Diyos upang gawin kang perpekto, ni sa pamamagitan ng anong tao, pangyayari, o bagay na hahayaan ka Niyang makamit o makita ang mga bagay. Kung makatatapak ka sa tamang landas na ito, ipinakikita nito na mayroong malaking pag-asang magawa kang perpekto ng Diyos. Kung hindi mo magagawa, ipinakikita nitong malungkot, salat sa ilaw ang kinabukasan mo. Kapag nagsimula ka sa tamang landas, makakamit mo ang pahayag sa lahat ng mga bagay. Kahit na ano pa man ang ibinubunyag ng Banal na Espiritu sa iba, kung magpapatuloy ka batay sa kaalaman nila para maranasan ang mga bagay sa sarili mo, magiging bahagi ng buhay mo ang karanasang ito, at magagawa mong tustusan ang iba sa karanasang ito. Yaong mga nagtutustos sa iba sa pamamagitan ng paggaya sa mga salita ay mga taong hindi pa nagkakaroon ng anumang mga karanasan; dapat

mong matutunang humanap, sa pamamagitan ng kaliwanagan at pagpapalinaw ng iba, ng paraan ng pagsasagawa bago ka magsimulang magsalita tungkol sa sarili mong aktwal na karanasan at kaalaman. Ito ay magiging higit na pakinabang sa sarili mong buhay. Dapat mong maranasan ang ganito, na sumusunod sa lahat ng nagmumula sa Diyos. Dapat mong hangarin ang kalooban ng Diyos sa lahat ng mga bagay at matutunan ang mga aral sa lahat ng mga bagay, nang lumago ang buhay mo. Ang ganitong pagsasagawa ay nagbibigay ng pinakamabilis na pag-usad.

Hinango mula sa "Yaong mga Sumusunod sa Diyos Nang may Tunay na Puso ay Tiyak na Makakamit ng Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang gawain ng Banal na Espiritu ay laging sumusulong, at ang lahat ng nasa agos ng Banal na Espiritu ay nararapat ding sumusulong palalim at nagbabago baitang-baitang. Hindi sila dapat tumigil sa isang yugto. Ang mga hindi lamang nakakaalam sa gawain ng Banal na Espiritu ang mananatili sa kalagitnaan ng Kanyang orihinal na gawain, at hindi tatanggapin ang bagong gawain ng Banal na Espiritu. Tanging ang mga masuwayin ang hindi makakayanang makamit ang gawain ng Banal na Espiritu. Kung ang pagsasagawa ng tao ay hindi sumasabay sa bagong gawain ng Banal na Espiritu, ang pagsasagawa ng tao ay tiyak na napuputol mula sa gawain ngayon at siguradong hindi kaayon ng gawain ngayon. Ang gayong mga taong lipas na sa panahon ay talagang walang kakayahang tuparin ang kalooban ng Diyos, at lalo nang hindi sila maaaring maging mga tao na tatayong patotoo sa Diyos sa huli. Ang buong gawaing pamamahala, higit pa rito, ay hindi matatapos sa kalagitnaan ng ganoong kalipunan ng mga tao. Sapagka't yaong mga dating kumapit sa kautusan ni Jehova, at yaong mga minsang nagdusa dahil sa krus, kung hindi nila matatanggap ang yugto ng gawain ng mga huling araw, kung gayon ang lahat ng kanilang ginawa ay mawawalan ng saysay, at walang kabuluhan. Ang pinakamalinaw na pagpapahayag ng gawain ng Banal na Espiritu ay nasa pagyakap sa naririto ngayon, hindi pagkapit sa nakaraan.

Yaong mga hindi na nakasabay sa gawain ng ngayon, at silang mga napahiwalay na mula sa pagsasagawa ng ngayon, ay yaong mga lumalaban at hindi tumatanggap sa gawain ng Banal na Espiritu. Ang mga taong iyon ay lumalaban sa kasalukuyang gawain ng Diyos. Bagama't kumakapit sila sa liwanag ng nakaraan, hindi maitatatwa na hindi nila alam ang gawain ng Banal na Espiritu. Bakit mayroong mga usapan tungkol sa mga pagbabago sa pagsasagawa ng tao, sa mga pagkakaiba sa pagsasagawa sa pagitan ng nakalipas at ngayon, kung paanong ang pagsasagawa ay isinakatuparan sa nakaraang kapanahunan, at kung paano ito isinasagawa ngayon? Ang ganoong paghahati-hati sa pagsasagawa ng tao ay laging sinasalita dahil ang gawain ng Banal na Espiritu ay patuloy na sumusulong, at sa gayon, ang pagsasagawa ng tao ay kailangan ding patuloy na magbago. Kung ang tao ay nananatiling nakakapit sa isang yugto, kung gayon ito ay nagpapatunay na wala siyang kakayahan sa pagsabay sa bagong gawain ng Diyos at bagong liwanag; hindi ito nagpapatunay na ang plano sa pamamahala ng Diyos ay hindi na nagbago. Yaong mga nasa labas ng agos ng Banal na Espiritu ay laging nag-iisip na sila ay tama, ngunit sa katunayan, ang gawain ng Diyos sa kanila ay matagal nang tumigil, at ang gawain ng Banal na Espiritu ay wala sa kanila. Ang gawain ng Diyos ay matagal nang inilipat sa isa pang kalipunan ng mga tao, isang kalipunan kung kanino Niya hinahangad na tapusin ang Kanyang bagong gawain. Dahil yaong mga nasa relihiyon ay walang kakayahang tanggapin ang bagong gawain ng Diyos, at kumakapit lamang sa lumang gawain ng nakaraan, kaya't tinalikuran na Niya ang mga taong ito, at ginagawa ang Kanyang bagong gawain sa mga taong tumatanggap sa bagong gawaing ito. Ang mga ito ay mga tao na nakikipagtulungan sa bago Niyang gawain, at tanging sa paraang ito matutupad ang Kanyang pamamahala. Ang pamamahala ng Diyos ay palaging sumusulong, at ang pagsasagawa ng tao ay palaging umaakyat pataas. Gumagawa lagi ang Diyos, at laging nangangailangan ang tao, sa gayon kapwa nila nararating ang kanilang tugatog at ang Diyos at ang tao ay nakakamit ang ganap na pagsasanib. Ito ang pagpapahayag ng

katuparan ng gawain ng Diyos, at ito ang pangwakas na kinalabasan ng buong pamamahala ng Diyos.

Hinango mula sa “Ang Gawain ng Diyos at ang Pagsasagawa ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa gawain at mga usapin ng iglesia, bukod pa sa pagsunod sa Diyos, dapat mong sundin ang mga tagubilin ng tao na ginagamit ng Banal na Espiritu sa lahat ng bagay. Kahit ang pinakamaliit na pagsuway ay hindi katanggap-tanggap. Kailangan mong maging ganap sa iyong pagsunod, at huwag mong suriin ang tama o mali; anuman ang tama o mali ay walang kinalaman sa iyo. Ganap na pagsunod lamang ang iyong dapat alalahanin.

Hinango mula sa “Ang Sampung Atas Administratibo na Dapat Sundin ng Hinirang na Bayan ng Diyos sa Kapanahunan ng Kaharian” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa kanilang gawain, kailangang bigyang-pansin ng mga lider at manggagawa ng iglesia ang dalawang bagay: Ang isa ay ang gawing ganap ang kanilang gawain ayon sa mga prinsipyong nakasaad sa mga pagsasaayos ng gawain, nang hindi kailanman nilalabag ang mga prinsipyong iyon at hindi ibinabatay ang kanilang gawain sa anumang maaari nilang mailarawan sa isip o sa alinman sa mga sarili nilang pag-iisip. Sa lahat ng ginagawa nila, dapat silang magpakita ng malasakit sa gawain ng tahanan ng Diyos, at laging unahin ang kapakanan nito. Isang bagay pa—at ito ang pinakamahalaga—iyon ay sa lahat ng bagay, dapat silang magtuon sa pagsunod sa patnubay ng Banal na Espiritu at gawin ang lahat nang mahigpit na sinusunod ang mga salita ng Diyos. Kung nakakaya mo pa ring salungatin ang patnubay ng Banal na Espiritu, o kung nagmamatigas mo pa ring sinusunod ang mga sarili mong pag-iisip at ginagawa ang mga bagay-bagay ayon sa sarili mong imahinasyon, ang mga kilos mo ang bubuo sa pinakamatinding paglaban sa Diyos. Walang patutunguhan ang madalas mong pagtalikod sa kaliwanagan at patnubay ng Banal na Espiritu. Kung maiwala mo ang gawain ng Banal na Espiritu, hindi mo na magagawang magtrabaho; at kahit pa magawa mong makapagtrabaho kahit paano, wala kang matatapos. Ito ang dalawang

pangunahing prinsipyong dapat sundin habang gumagawa: Ang isa ay ang isagawa ang gawain nang ganap na naaayon sa mga pagsasaayos mula sa Itaas, gayundin ang kumilos ayon sa mga prinsipyong naitakda ng nasa Itaas; ang isa pa ay ang sundin sa iyong kalooban ang patnubay ng Banal na Espiritu. Sa sandaling maunawaan mo ang dalawang puntong ito, hindi ka na manganganib na makagawa ng mga pagkakamali. Para sa inyo na limitado pa ang karanasan sa larangang ito, labis na nahahaluan ng sarili ninyong mga ideya ang inyong gawain. Paminsan-minsan, maaaring hindi ninyo maunawaan ang kaliwanagan o patnubay sa inyong kalooban na nagmumula sa Banal na Espiritu; sa ibang mga pagkakataon, tila nauunawaan ninyo ito, ngunit malamang na balewalain ninyo ito. Lagi kang naglalarawan sa isip o naghihinuha sa paraan ng tao, kumikilos ayon sa inaakala mong naaangkop, nang hindi man lamang isinasaalang-alang ang mga layon ng Banal na Espiritu. Ginagawa mo ang iyong gawain ayon lamang sa sarili mong mga ideya, isinaisantabi ang anumang kaliwanagan mula sa Banal na Espiritu. Madalas mangyari ang gayong mga sitwasyon. Ang patnubay ng Banal na Espiritu sa iyong kalooban ay hindi man lamang higit sa normal; sa katunayan, normal na normal ito. Ibig sabihin, sa kaibuturan ng iyong puso, alam mo na ito ang angkop na paraan ng pagkilos, at ito ang pinakamainam na paraan. Talagang malinaw rin naman ang kaisipang ito; hindi ito nagmula sa iyong mga pagninilay, bagkus ay isang uri ng damdaming ibinangon mo mula sa kaibuturan, at kung minsan ay hindi mo lubos na nauunawaan kung ano ang nagtutulak sa iyo na kumilos sa ganitong paraan. Ito kadalasan ay walang iba kundi kaliwanagan mula sa Banal na Espiritu, at ganito ito karaniwang nangyayari sa karamihan ng mga tao. Kadalasang nagmumula sa pag-iisip at pagsasaalang-alang ang mga sariling ideya ng isang tao, at nahahaluang lahat ng kusang-loob, mga ideya kung anong mga larangan ang mayroon na kasusumpungan ng isang tao ng kapakinabangan para sa kanyang sarili, at kung anong mga kalamangan mayroon ang isang bagay para sa sarili nito; nagtataglay ng ganitong mga bagay ang bawat pagpapasya ng tao. Gayunman, ang patnubay ng Banal na Espiritu ay

hindi naglalaman sa anumang paraan ng gayong mga paghahalo. Mahalagang magbigay ng masusing pansin sa patnubay o kaliwanagan mula sa Banal na Espiritu; lalo na sa mahahalagang usapin, kailangan mong mag-ingat para maintindihan iyon. Ang mga taong ibig gamitin ang kanilang utak, at ibig kumilos ayon sa sarili nilang mga ideya, ang sadyang higit na nanganganib malampasan ng gayong patnubay o kaliwanagan. Ang mga lider at manggagawang may kasapatan ay nagtutuon ng pansin sa gawain ng Banal na Espiritu. Yaong mga sumusunod sa Banal na Espiritu ay may takot sa Diyos at walang-kapagurang naghahanap sa katotohanan. Upang mapalugod ang Diyos at maayos na magpatotoo para sa Kanya, dapat siyasatin ng isang tao ang kanyang gawain para sa mga sangkap ng paghahalo at mga layon, at pagkatapos ay subukang tingnan kung gaanong gawain ang naganyak ng mga ideya ng tao, gaano ang umusbong mula sa kaliwanagan ng Banal na Espiritu, at gaano ang umaalinsunod sa mga salita ng Diyos. Kailangan mong palagiang suriin, at sa lahat ng pagkakataon, ang iyong mga salita at gawa. Ang makapagsagawa nang madalas sa ganitong paraan ay maglalagay sa iyo sa tamang landas ng paglilingkod sa Diyos.

Hinango mula sa “Ang mga Pangunahing Prinsipyo ng Gawain Para sa mga Lider at Manggagawa” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

158. Ang mga Prinsipyo ng Pagpapasakop sa Katotohanang Salita ng Diyos

(1) Kinakailangang maunawaan na lahat ng mga salita ng Diyos ay ang katotohanan at dapat na tanggapin, maging naaayon man ang mga ito sa mga haka-haka ng tao. Hindi dapat mamili ng tatanggapin at susundin ang tao;

(2) Dapat na isagawa ng tao ang mga katotohanang salita ng Diyos na kanilang naunawaan at maranasan ang mga iyon. Mababaw man o malalim ang pagkaunawa ng tao sa katotohanan, dapat silang magkaroon ng malinaw na pagkaunawa sa pamamagitan ng pagsasagawa at karanasan;

(3) Kinakailangan ang pagpapasakop sa paghatol at pagkastigo ng mga salita ng Diyos, gayundin ang pakikiharap at pagtatabas ng mga ito. Saka lamang tunay na makakapagsisi kapag nabatid na ng tao ang kanilang sariling tiwaling diwa;

(4) Kinakailangan ang pagpapasakop sa awtoridad ng mga salita ng Diyos. Dapat na tanggapin at sundin ng tao ang mga salita ng sinumang nagsasalita na naaayon sa katotohanang salita ng Diyos, maging sino man ang taong iyon. Pinakamataas na awtoridad ang mga salita ng Diyos.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Sa bawat kapanahunan, habang gumagawa sa mga tao, ipinagkakaloob ng Diyos ang ilang salita sa kanila at sinasabi sa kanila ang ilang katotohanan. Ang mga katotohanang ito ay nagsisilbing daan na dapat sundan ng mga tao, ang daan na dapat nilang lakaran, ang daan na nagbibigay-kakayahan sa kanila na magkaroon ng takot sa Diyos at makaiwas sa kasamaan, at ang daan na dapat isagawa at sundan ng mga tao sa kanilang buhay at sa buong paglalakbay nila sa buhay. Ito ang mga dahilan kaya ipinapahayag ng Diyos ang mga pagbigkas na ito sa sangkatauhan. Ang mga salitang ito na nagmumula sa Diyos ay dapat sundin ng mga tao, at ang pagsunod sa mga ito ay pagtanggap ng buhay. Kung hindi susundin ng isang tao ang mga ito, hindi isasagawa ang mga ito, at hindi isasabuhay ang mga salita ng Diyos, hindi isinasagawa ng taong ito ang katotohanan. Bukod pa riyan, kung hindi isinasagawa ng mga tao ang katotohanan, hindi sila natatakot sa Diyos at hindi nila iniiwasan ang kasamaan, ni hindi rin nila mapapalugod ang Diyos. Ang mga taong hindi kayang palugurin ang Diyos ay hindi matatanggap ang Kanyang papuri, at walang kahihinatnan ang gayong mga tao.

Hinango mula sa “Paano Malalaman ang Disposisyon ng Diyos at ang mga Resultang Makakamtan ng Kanyang Gawain” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Nagawa nang tiwali ni Satanas ang buong sangkatauhan, at ang kalikasan ng tao ay ang ipagkanulo ang Diyos. Gayunman, sa lahat ng taong nagawa nang tiwali ni Satanas, may ilang kayang magpasakop sa

gawain ng Diyos at tumanggap sa katotohanan; sila yaong maaaring magtamo ng katotohanan at magkamit ng pagbabago ng disposisyon. Mayroon ding mga taong hindi nagtutuon sa paghahangad sa katotohanan. Nasisiyahan sila na maunawaan lamang ang mga doktrina; naririnig nila ang mabuting doktrina at sinusunod ito, at matapos itong maunawaan, nagagampanan nila ang kanilang mga tungkulin—nang bahagya. Ginagawa ng mga taong ito ang ipinagagawa sa kanila at mayroon silang mababang uri ng pagkatao. Handa sila, kahit paano, na gumugol, talikuran ang kamunduhan, at magtiis ng pagdurusa. Gayunman, hindi sila masugid hinggil sa katotohanan; naniniwala sila na sapat nang hindi sila nagkakasala, at hindi nila maunawaan kailanman ang pinakadiwa ng katotohanan. Kung magagawang manindigan ng mga taong iyon sa huli, maaari din silang mailigtas, ngunit hindi nila mababago ang kanilang disposisyon. Kung nais mong madalisay ang katiwalian mo at dumanas ng pagbabago sa disposisyon mo sa buhay, kailangan mong magkaroon ng pagmamahal sa katotohanan at kakayahang tanggapin ang katotohanan. Ano ang ibig sabihin ng tanggapin ang katotohanan? Ipinahihiwatig ng tanggapin ang katotohanan na anumang klase ang iyong tiwaling disposisyon o alinman sa mga lason ng malaking pulang dragon ang nasa iyong kalikasan, kinikilala mo ito kapag ibinubunyag ito ng mga salita ng Diyos, at nagpapasakop ka sa mga salitang ito; tinatanggap mo ang mga ito nang walang kundisyon, nang hindi nagdadahilan o sinusubukang mamili, at nakikilala mo ang iyong sarili ayon sa sinasabi Niya. Ito ang ibig sabihin ng tanggapin ang mga salita ng Diyos. Anuman ang sinasabi Niya, gaano man maaaring tumagos sa puso mo ang mga pagbigkas Niya, at anumang mga salita ang ginagamit Niya, matatanggap mo ang mga ito basta’t katotohanan ang sinasabi Niya, at kaya mong kilalanin ang mga ito basta’t umaayon ang mga ito sa realidad. Kaya mong magpasakop sa mga salita ng Diyos gaano kalalim mo man nauunawaan ang mga ito, at tinatanggap mo at nagpapasakop ka sa liwanag na ibinubunyag ng Banal na Espiritu at ibinabahagi ng iyong mga kapatid. Kapag umabot na sa isang punto ang pagtataguyod sa katotohanan ng gayong tao, maaari

niyang matamo ang katotohanan at makamtan ang pagbabago ng kanyang disposisyon. Kahit na ’yung mga hindi nagmamahal sa katotohanan ay maaaring magkaroon ng disenteng pagkatao, pagdating sa katotohanan, sila’y magulo mag-isip at hindi ito siniseryoso. Bagama’t makagagawa sila ng ilang mabuting gawain, at makakayang gugulin ang kanilang sarili para sa Diyos, at makakayanan ang pagtatakwil, hindi nila makakamit ang pagbabago ng disposisyon.

Hinango mula sa “Paano Malalaman ang Kalikasan ng Tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Anuman ang gawin mo, kailangan mong matutong hanapin at sundin ang katotohanan doon. Hangga’t kumikilos ka alinsunod sa katotohanan, kumikilos ka nang tama. Kahit na isang bata ang nagmungkahi noon, o ang pinakahindi kapansin-pansing batang kapatid, habang ang sinasabi nila ay tumatalima sa katotohanan, ang ginagawa mo ay magkakaroon ng mabuting kalalabasan, at tatalima ito sa kalooban ng Diyos. Ang pangangasiwa sa isang bagay ay nakabatay sa iyong simbuyo at sa iyong mga prinsipyo sa pangangasiwa doon. Kung ang iyong mga prinsipyo ay nagmumula sa kalooban ng tao; kung nagmumula ang mga ito sa mga pantaong kaisipan, palagay, o pag-iisip; o kung nanggagaling ang mga ito sa mga pantaong damdamin at pananaw, ang pangangasiwa mo sa bagay na ito ay magiging mali, dahil ang pagmumulan nito ay mali. Kapag ang mga pagtingin mo ay batay sa mga prinsipyo ng katotohanan, at pinangangasiwaan mo ang mga bagay alinsunod sa mga katotohanang prinsipyo, siguradong mapangangasiwaan mo ang kasalukuyang usapin nang tama. Minsan, hindi matatanggap ng ibang tao ang pangangasiwa mo sa bagay sa kasalukuyan, at, sa mga panahong iyon, tila may sarili silang mga palagay, o ang puso nila ay maguguluhan. Gayunman, matapos ang ilang panahon, mapatutunayang tama ka. Ang mga bagay na tumatalima sa kalooban ng Diyos ay magmumukhang mas mabuti sa paglipas ng panahon; subalit ang kalalabasan ng mga bagay na hindi tumatalima sa kalooban ng Diyos—ang mga bagay na sang-ayon sa kalooban ng tao at

gawa ng tao—ay lumalala sa paglipas ng panahon, at lahat ay mapatutunayang ganoon nga. Kapag kumilos ka, huwag mong alalahanin kung kaninong paraan ang dapat o hindi dapat na gumabay sa iyo, at huwag kang gumawa ng mga palagay. Una sa lahat, dapat kang maghangad at magdasal, at pagkatapos ay sumulong ka nang dahan-dahan, at makisalamuha sa lahat. Ano ang layunin ng pakikisalamuha? Binibigyang kakayanan nitong gawin ng isang tao ang mga bagay sa tiyak na pagsang-ayon sa kalooban ng Diyos, at kumilos nang naaayon sa kalooban ng Diyos. Tila isa itong maringal na paraan ng pagpapaliwanag nito; sabihin nating binibigyang kakayanan nito na pangasiwaan ang mga gawain sa isang tiyak na pagsang-ayon sa mga katotohanang prinsipyo—tila mas tunay ito. Kung makakamit mo ito, puwede na iyon.

Huwag makipagtalo kapag may nagkaroon ng isang isyu. Una, isuko ang iyong mga kuru-kuro, ang iyong mga guni-guni, at ang iyong mga palagay tungkol dito. Magagawa ito kung taglay ng isang tao ang pangangatwiran na dapat ay mayroon siya. Halimbawa, may isang bagay na hindi mo pa kailanman nagagawa, at batid mo na pamilyar ka sa bagay na ito, ano ang dapat mong gawin? Alam mo na ikaw ay isang pangkaraniwang tao; dapat mong hingin ang kanyang payo, at matapos nito ay magkakaroon ka ng payak na konsepto ng naturang bagay—subalit sa pagharap dito, hindi lamang ang kanyang payo ang dapat mong sundin o harapin ito nang naayon lamang sa iyong sariling mga guni-guni. Dapat mong subukin na gawin ito sa paraan na kapaki-pakinabang sa gawain ng tahanan ng Diyos, gayundin sa paraan na naaayon sa kalooban ng Diyos. Ito ang pagkamaykatuwiran.

Hinango mula sa “Ang Landas sa Pagtutuwid ng Tiwaling Disposisyon” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang patuloy na pagsisikap ng mga tao na makapasok sa buhay ay batay sa mga salita ng Diyos. Dati-rati, sinabi na lahat ay isinasakatuparan dahil sa Kanyang mga salita, ngunit walang nakakita sa katotohanang ito. Kung papasok ka sa pagdanas ng kasalukuyang hakbang, magiging

malinaw ang lahat sa iyo, at magtatatag ka ng isang magandang pundasyon para sa mga pagsubok sa hinaharap. Anuman ang sabihin ng Diyos, magtuon ka lamang sa pagpasok sa Kanyang mga salita. Kapag sinabi ng Diyos na sisimulan Niyang kastiguhin ang mga tao, tanggapin mo ang Kanyang pagkastigo. Kapag hiniling ng Diyos na mamatay ang mga tao, tanggapin mo ang pagsubok na iyon. Kung palagi kang nabubuhay ayon sa Kanyang pinakabagong mga pahayag, sa huli ay gagawin kang perpekto ng mga salita ng Diyos. Habang mas pumapasok ka sa mga salita ng Diyos, mas mabilis kang gagawing perpekto. Bakit Ko hinihiling, sa sunud-sunod na pagbabahagi, na alamin ninyo at pasukin ang mga salita ng Diyos? Kapag patuloy mong pinagsisikapang matamo at maranasan ang mga salita ng Diyos, at pumapasok ka sa realidad ng Kanyang mga salita, saka lamang magkakaroon ng pagkakataon ang Banal na Espiritu na gumawa sa iyo. Samakatuwid, lahat kayo ay mga kalahok sa bawat pamamaraan ng paggawa ng Diyos, at gaano man kayo nagdurusa, sa huli ay tatanggap kayong lahat ng isang “paalaala.” Upang makamtan ang inyong panghuling pagpeperpekto, kailangan ninyong pumasok sa lahat ng salita ng Diyos. Ang pagpeperpekto ng Banal na Espiritu sa mga tao ay hindi pang-isahan; hinihingi Niyang makipagtulungan ang mga tao, kailangan Niya ang lahat na sadyang makipagtulungan sa Kanya. Anuman ang sabihin ng Diyos, magtuon lamang sa pagpasok sa Kanyang mga salita—magiging mas kapaki-pakinabang ito sa inyong buhay. Lahat ay para magkaroon ng pagbabago sa inyong disposisyon. Kapag pumasok ka sa mga salita ng Diyos, aantigin Niya ang puso mo, at magagawa mong malaman ang lahat ng nais ng Diyos na matupad sa hakbang na ito ng Kanyang gawain, at magkakaroon ka ng matibay na pagpapasya na tuparin ito. Sa panahon ng pagkastigo, may mga taong naniwala na ito ay isang pamamaraan ng gawain, at hindi sila naniwala sa mga salita ng Diyos. Dahil dito, hindi sila sumailalim sa pagpipino, at lumabas mula sa panahon ng pagkastigo na walang anumang napala o naunawaan. May ilan na talagang pumasok sa mga salitang ito nang wala ni katiting na pagdududa, na nagsabi na ang mga

salita ng Diyos ang katotohanang hindi maaaring magkamali at na dapat kastiguhin ang sangkatauhan. Nahirapan sila roon sa loob ng kaunting panahon, pinakakawalan ang kanilang kinabukasan at kanilang tadhana, at paglabas nila, nagkaroon ng kaunting pagbabago sa kanilang disposisyon, at nagtamo sila ng mas malalim na pagkaunawa tungkol sa Diyos. Nadama ng lahat ng nakastigo ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos at natanto nila na ang hakbang na ito ng gawain ay sumasagisag sa dakilang pagmamahal ng Diyos na sumasakanila, na ito ang paglupig at pagliligtas ng pagmamahal ng Diyos. Sinabi rin nila na ang mga iniisip ng Diyos ay palaging mabuti, at na lahat ng ginagawa ng Diyos sa tao ay dahil sa pagmamahal, hindi sa pagkamuhi. Yaong mga hindi naniwala sa mga salita ng Diyos, hindi umasa sa Kanyang mga salita, ay hindi sumailalim sa pagpipino sa panahon ng pagkastigo, at dahil dito, hindi sumakanila ang Banal na Espiritu, at wala silang napala. Para sa mga pumasok sa panahon ng pagkastigo, bagama't sumailalim nga sila sa pagpipino, lihim na gumagawa ang Banal na Espiritu sa kanilang kalooban, at nabago ang disposisyon nila sa buhay dahil dito. Tila ang ilan, paano man tingnan, ay napakapositibo, puno ng saya buong araw, ngunit hindi sila pumasok sa kalagayan ng pagpipino ng mga salita ng Diyos at kaya ni hindi man lang nagbago, na siyang naging bunga ng hindi paniniwala sa mga salita ng Diyos. Kung hindi mo pinaniniwalaan ang mga salita ng Diyos, hindi gagawa sa iyo ang Banal na Espiritu. Nagpapakita ang Diyos sa lahat ng naniniwala sa Kanyang mga salita, at yaong naniniwala at tumatanggap sa Kanyang mga salita ay makakamtan ang Kanyang pagmamahal!

Hinango mula sa "Ang mga Taong Nagbago Na ang Disposisyon ay Yaong mga Nakapasok Na sa Realidad ng mga Salita ng Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Nagpapakita Ako sa inyo sa inyong buhay ngunit palaging hindi ninyo iyon namamalayan. Ni hindi ninyo Ako namumukhaan. Halos kalahati ng mga salitang Aking sinasabi ay para hatulan kayo, at kalahati lamang ng nararapat ang nagiging epekto nito, na magkintal ng labis na takot sa inyong kalooban. Ang natitirang kalahati ay binubuo ng mga salita upang

turuan kayo tungkol sa buhay at kung paano kayo kikilos. Gayunman, mukhang pagdating sa inyo ay hindi man lang umiiral ang mga salitang ito, o parang nakikinig kayo sa mga salita ng mga bata, mga salitang lagi ninyong pinakikitaan ng tagong ngiti, ngunit hindi ninyo ginagawa kailanman. Hindi kayo nag-alala kailanman tungkol sa mga bagay na ito; palaging dahil lang talaga gusto ninyong mag-usisa kaya ninyo inobserbahan ang Aking mga kilos, kaya ngayon ay nasadlak na kayo sa kadiliman at hindi ninyo makita ang liwanag, kaya nga nakakaawa ang iyak ninyo sa dilim. Ang nais Ko ay ang inyong pagsunod, ang inyong walang-kundisyong pagsunod, at higit pa riyan, hinihingi Kong ganap kayong maging tiyak sa lahat ng sinasabi Ko. Hindi kayo dapat magpabaya at lalo nang hindi kayo dapat mamili sa mga bagay na sinasabi Ko, ni ipagwalang-bahala ang Aking mga salita at Aking gawain, gayundin ang inyong ugali. Isinasagawa ang Aking gawain sa gitna ninyo at napakarami sa Aking mga salita ang naipagkaloob Ko na sa inyo, ngunit kung tatratuhin ninyo Ako nang ganito, maibibigay Ko na lamang sa mga pamilyang Gentil yaong hindi ninyo natamo o naisagawa. Sino sa lahat ng nilikha ang hindi Ko hawak sa Aking mga kamay? Karamihan sa inyo ay “matatanda na,” at wala kayong lakas na tanggapin ang klaseng ito ng Aking gawain. Para kayong isang ibong Hanhao,[a] na bahagya lamang nakakaraos sa buhay, at hindi ninyo sineryoso kailanman ang Aking mga salita. Ang mga kabataan ay masyadong hambog at mapagmalabis at lalong hindi inaalintana ang Aking gawain. Wala silang interes na magpakabusog sa masasarap na pagkain sa Aking piging; para silang isang munting ibon na nakalipad palabas ng kulungan nito upang makipagsapalaran sa malayo. Paano makakatulong sa Akin ang ganitong klaseng mga kabataan at matatanda?

Hinango mula sa “Mga Salita para sa mga Kabataan at Matatanda” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kapag tumatanggap ng paghatol ng mga salita ng Diyos, hindi tayo dapat matakot sa pagdurusa, ni hindi tayo dapat matakot sa sakit, at mas

lalo nang hindi tayo dapat matakot na tumagos sa ating mga puso ang mga salita ng Diyos. Dapat ay basahin natin ang iba pa Niyang mga pahayag tungkol sa kung paano Niya tayo hinahatulan at kinakastigo at inilalantad ang ating mga tiwaling diwa. Kailangan nating basahin ang mga ito at mas sundin pa ang mga ito. Huwag nating ikumpara ang iba sa mga ito—ikumpara natin ang ating sarili sa mga ito. Hindi tayo nagkukulang sa kahit isa sa mga bagay na ito; kaya nating tapatang lahat ito. Kung hindi ka naniniwala rito, humayo ka't danasin ito mismo. Matapos basahin ang mga salita ng Diyos, walang kakayahan ang ilang tao na iangkop ang mga iyon sa kanilang sarili; akala nila ay hindi tungkol sa kanila ang mga bahagi ng mga salitang ito, kundi sa halip ay tungkol sa ibang mga tao. Halimbawa, kapag inilalantad ng Diyos ang mga tao bilang masasamang babae at mga kalapating mababa ang lipad, nadarama ng ilang kapatirang babae na dahil naging tapat na tapat sila sa kanilang asawa, malamang na hindi tumutukoy sa kanila ang gayong mga salita; nadarama ng ilang kapatirang babae na dahil wala silang asawa at hindi pa nakipagtalik kailanman, malamang na hindi rin tungkol sa kanila ang gayong mga salita. Nadarama ng ilang kapatirang lalaki na para lamang sa mga babae ang mga salitang ito, at walang kinalaman sa kanila; naniniwala ang ilang tao na napakasamang pakinggan ang mga salitang iyon ng Diyos, at ayaw nilang tanggapin ang mga iyon. Mayroon pang mga taong nagsasabi na sa ilang pagkakataon, mali ang mga salita ng Diyos. Ito ba ang tamang saloobin sa mga salita ng Diyos? Hindi kaya ng mga tao na magmuni-muni tungkol sa kanilang sarili batay sa mga salita ng Diyos. Dito, ang "masasamang babae" at "mga kalapating mababa ang lipad" ay tumutukoy sa katiwalian at kawalan ng delikadesa ng mga tao. Lalaki man o babae, may-asawa o wala, lahat ay may taglay na katiwalian ng kawalan ng delikadesa—kaya paano ito mawawalan ng kinalaman sa iyo? Inilalantad ng mga salita ng Diyos ang mga tiwaling disposisyon ng mga tao; lalaki man o babae, pareho ang antas ng katiwalian ng tao. Hindi ba totoo ito? Bago gumawa ng iba pang bagay, dapat nating matanto na kailangan nating tanggapin ang bawat isa sa mga salitang sinambit ng Diyos, masarap mang

pakinggan ang mga ito o hindi at nasasaktan man tayo o nasisiyahan. Iyon ang saloobing dapat nating taglayin sa mga salita ng Diyos. Anong uri ng saloobin ito? Ito ba ay isang saloobing makadiyos, isang saloobing mapagpasensya, o isang saloobing tumatanggap ng pagdurusa? Sinasabi Ko sa inyo na hindi ito anuman sa mga ito. Sa ating pananampalataya, kailangan nating matatag na panindigan na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan. Dahil ang mga ito nga ang katotohanan, dapat nating tanggapin ang mga ito nang makatwiran. Kinikilala o inaamin man natin ito o hindi, dapat ay lubos na tanggapin ang mga salita ng Diyos. Bawat isang linya ng mga salita ng Diyos ay nauukol sa isang partikular na kalagayan. Ibig sabihin, wala sa mga linya ng Kanyang mga pahayag ang tungkol sa mga panlabas na hitsura, lalo na tungkol sa mga patakarang panlabas o sa isang simpleng klase ng pag-uugali sa mga tao. Hindi ganoon ang mga iyon. Kung sa tingin mo ay tungkol sa simpleng klase ng pag-uugali ng tao o panlabas na hitsura ang bawat linyang binigkas ng Diyos, wala kang espirituwal na pang-unawa at hindi mo nauunawaan kung ano ang katotohanan. Malalim ang mga salita ng Diyos. Paano naging malalim ang mga ito? Lahat ng sinasabi ng Diyos, lahat ng inihahayag Niya, ay tungkol sa mga tiwaling disposisyon ng mga tao, at sa mga bagay na matibay at malalim na nakaugat sa kanilang buhay. Mahalaga ang mga bagay na ito, hindi mga panlabas na hitsura, at lalo nang hindi mga pag-uugali sa labas. Sa pagtingin sa mga tao mula sa kanilang panlabas na hitsura, maaaring mukhang maayos silang lahat. Kung gayon, bakit sinasabi ng Diyos na ang ilang tao ay masasamang espiritu at ang ilan ay maruruming espiritu? Ito ay isang bagay na hindi mo nakikita. Sa gayon, hindi ka makakaasa sa hitsura o sa nakikita mo mula sa labas para manatiling matatag sa mga salita ng Diyos. Matapos mabahaginan nang gayon, nakaranas na ba kayo ng pagbabago sa inyong saloobin sa mga salita ng Diyos? Gaano man kalaki o kaliit ang pagbabago, sa susunod na mabasa ninyo ang gayong mga salita, kahit paano ay hindi ninyo susubuking mangatwiran sa Diyos. Hindi ninyo sasabihing, “Talagang mahirap pakinggan ang mga salita ng Diyos; hindi ko babasahin ang pahinang ito. Lalaktawan ko na lang ito!

Maghahanap ako ng mababasa tungkol sa mga pagpapala at pangako, para maginhawahan ako nang kaunti.” Huwag ninyong pulutin at piliin nang gayon kung ano ang inyong babasahin.

Hinango mula sa “Ang Kahalagahan ng Paghahabol sa Katotohanan at ang Landas ng Paghahabol Dito” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang inyong mga ikinilos sa Aking presensiya sa loob ng maraming taon ay nagbigay sa Akin ng kasagutan na wala pang naging katulad sa nagdaan, at ang tanong sa sagot na ito ay: “Ano ang saloobin ng tao sa harap ng katotohanan at sa tunay na Diyos?” Ang mga pagsisikap na ibinuhos Ko sa tao ay nagpapatunay ng Aking diwa ng pagmamahal sa tao, at ang lahat ng ginawa ng tao sa Aking presensiya ay nagpapatunay ng kanyang diwa ng pagkamuhi sa katotohanan at pagsalungat sa Akin. Sa lahat ng panahon, Ako ay nag-aalala sa lahat ng sumusunod sa Akin, ngunit walang panahon na ang mga taong sumunod sa Akin ay nakayanang tumanggap ng Aking mga salita; maging ang Aking mga mungkahi ay hindi nila natatanggap. Ito ang nagpapalungkot sa Akin nang higit sa lahat. Walang sinuman ang kayang makaunawa sa Akin at, higit pa rito, walang sinumang nakatanggap sa Akin, kahit pa ang Aking saloobin ay matapat at ang Aking mga salita ay malumanay. Sinusubukan ng bawat isa na gawin ang gawaing ipinagkatiwala Ko sa kanila alinsunod sa kanilang sariling mga ideya; hindi nila inaalam ang Aking mga layunin, at lalong hindi nila itinatanong kung ano ang hinihingi Ko sa kanila. Sinasabi pa rin nilang naglilingkod sila nang tapat sa Akin, habang silang lahat ay naghihimagsik laban sa Akin. Marami ang naniniwala na ang mga katotohanan na hindi katanggap-tanggap sa kanila o hindi nila kayang isagawa ay hindi mga katotohanan. Sa ganitong uri ng mga tao, ang Aking mga katotohanan ay nagiging bagay na pinasisinungalingan at isinasaisang-tabi. Kasabay nito, kinikilala Ako ng mga tao bilang Diyos sa salita, ngunit naniniwala din sila na Ako ay isang tagalabas na hindi ang katotohanan, ang daan, o ang buhay. Walang nakaaalam sa katotohanang ito: Ang Aking mga salita ay ang katotohanang hindi magbabago

kailanman. Ako ang tagapagbigay ng buhay para sa tao at ang tanging gabay para sa sangkatauhan. Ang halaga at kahulugan ng Aking mga salita ay hindi itinatakda ng pagkilala o pagtanggap ng sangkatauhan, kundi ng mismong diwa ng mga salita. Kahit na wala ni isang tao sa daigdig na ito ang makatatanggap ng Aking mga salita, ang halaga ng Aking mga salita at ang tulong ng mga ito sa sangkatauhan ay hindi masusukat ng sinumang tao. Samakatuwid, kapag nahaharap sa maraming tao na naghihimagsik, nagpapabulaan, o lubos na nanglalait sa Aking mga salita, ang Aking paninindigan ay ito lamang: Hayaan ang panahon at katunayan na maging saksi Ko at magpakita na ang Aking mga salita ang katotohanan, ang daan, at ang buhay. Hayaang ipakita ng mga ito na ang lahat ng Aking sinabi ay tama, at iyon ang dapat na maipagkaloob sa tao, at, higit pa rito, ito ang dapat tanggapin ng tao. Hahayaan Ko ang lahat ng sumusunod sa Akin na malaman ang katunayang ito: Ang mga hindi kayang tumanggap nang lubos sa Aking mga salita, ang mga hindi kayang isagawa ang Aking mga salita, ang mga hindi makahanap ng layunin sa Aking mga salita, at ang mga hindi tumanggap ng kaligtasan dahil sa Aking mga salita, ay ang mga taong nakondena ng Aking mga salita at, bukod dito, nawalan ng Aking kaligtasan, at hindi kailanman malilihis ang Aking tungkod sa kanila.

Hinango mula sa “Dapat Ninyong Isaalang-alang ang Inyong mga Gawa” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ako ay isang apoy na tumutupok sa lahat at hindi Ko kinukunsinti ang pagkakasala. Dahil Ako ang lumikha sa lahat ng mga tao, anuman ang sabihin at gawin Ko, kailangan silang sumunod, at hindi sila maaaring maghimagsik. Walang karapatan ang mga tao na makialam sa Aking gawain, at lalong hindi sila karapat-dapat na suriin kung ano ang tama o mali sa Aking gawain at sa Aking mga salita. Ako ang Panginoon ng paglikha, at dapat makamit ng mga nilalang ang lahat ng hinihiling Ko nang may pusong may paggalang sa Akin; hindi nila dapat subukang mangatwiran sa Akin, at lalo nang hindi sila dapat lumaban.

Pinamamahalaan Ko ang Aking mga tao gamit ang Aking awtoridad, at lahat niyaong bahagi ng Aking paglikha ay dapat magpasakop sa Aking awtoridad.

Hinango mula sa “Kapag ang mga Dahong Nalalaglag ay Bumalik sa mga Ugat Nito, Pagsisisihan Mo ang Lahat ng Kasamaang Nagawa Mo” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Talababa:

a. Ang kuwento ng ibong Hanhao ay halos kapareho ng pabula ni Aesop tungkol sa langgam at sa tipaklong. Mas gustong matulog ng ibong Hanhao sa halip na gumawa ng pugad habang ang panahon ay mainit, sa kabila ng paulit-ulit na mga babala mula sa kanyang kapitbahay, na isang magpie. Pagsapit ng taglamig, nanigas sa ginaw ang ibon.

159. Ang mga Prinsipyo ng Pagpapasakop sa Pagsasaayos at mga Paglalagay sa Kawastuhan ng Diyos

(1) Ang Diyos ang Panginoon ng paglikha; isang nilikha ang tao. Itinalaga ng Langit at kinikilala ng lupa ang pagpapasakop sa pagsasaayos at paglalagay sa kawastuhan ng Diyos. Ito ang mabuting katuturan na dapat mayroon ang mga tao;

(2) Nasa mga kamay ng Diyos ang kapalaran ng tao. Hindi maaaring maging panginoon ng kanilang mga sarili ang mga tao, ngunit ang anumang landas na kanilang pipiliin ang magpapasya sa kanilang kapalaran;

(3) Magkaroon ng pananampalataya sa ganap na katuwiran ng Diyos. Pag-ibig at pagliligtas ang lahat ng Kanyang ginagawa para sa Kanyang mga hinirang na tao, at katuwiran Niya ang anumang kalalabasan ng mga ito;

(4) Ang landas na tinatahak ng tao ang nagpapasya kung kaligayahan o kapighatian ang masusumpungan nila. Wala itong kinalaman sa Diyos, na Siyang matuwid at walang pagkiling kanino man.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang Diyos ang Siyang namumuno sa lahat ng bagay at nangangasiwa

sa lahat ng bagay. Nilikha Niya ang lahat ng narito, pinangangasiwaan Niya ang lahat ng narito, pinamumunuan Niya ang lahat ng narito, at tinutustusan Niya ang lahat ng narito. Ito ang katayuan ng Diyos, at ang Kanyang pagkakakilanlan. Para sa lahat ng bagay at sa lahat ng narito, ang tunay na pagkakakilanlan ng Diyos ay ang Lumikha at ang Pinuno ng lahat ng nilikha. Iyan ang pagkakakilanlan na taglay ng Diyos, at Siya ay natatangi sa lahat ng bagay. Wala ni isa sa mga nilikha ng Diyos—sa sangkatauhan man o sa espirituwal na mundo—ang maaaring gumamit ng anumang kaparaanan o katwiran para magkunwaring Diyos o pumalit sa pagkakakilanlan at katayuan ng Diyos, sapagkat Siya lamang, sa lahat ng bagay, ang nagtataglay ng pagkakakilanlan, kapangyarihan, awtoridad, at kakayahang ito na mamuno sa lahat ng nilikha: ang ating natatanging Diyos Mismo. Siya ay nabubuhay at gumagalaw sa lahat ng bagay; maaari Siyang umangat sa pinakamataas na lugar, sa ibabaw ng lahat ng bagay. Maaaring magpakumbaba Siya Mismo sa pamamagitan ng pagiging tao, pagiging isa sa mga may laman at dugo, at makaharap sa mga tao at makibahagi sa kanilang kaligayahan at kalungkutan, samantalang kasabay nito, inuutusan Niya ang lahat ng narito, at pinagpapasiyahan ang kapalaran ng lahat ng narito at kung saang direksyon patungo ang lahat ng ito. Bukod pa riyan, ginagabayan Niya ang kapalaran ng buong sangkatauhan, at pinapatnubayan ang direksyon ng sangkatauhan. Ang isang Diyos na tulad nito ay dapat sambahin, sundin, at kilalanin ng lahat ng nilalang na may buhay. Sa gayon, saanmang grupo o uri ng sangkatauhan ka nabibilang, ang paniniwala sa Diyos, pagsunod sa Diyos, pagpipitagan sa Diyos, pagtanggap sa Kanyang panuntunan, at pagtanggap sa Kanyang mga plano para sa iyong kapalaran ang tanging pagpipilian—ang kinakailangang pagpili—para sa sinumang tao at para sa anumang nilalang na may buhay. Sa pagiging natatangi ng Diyos, nakikita ng mga tao na ang Kanyang awtoridad, Kanyang matuwid na disposisyon, Kanyang diwa, at mga kaparaanan kung paano Niya tinutustusan ang lahat ng bagay ay ganap na natatanging lahat; ang pagiging natatanging ito ang tumutukoy sa tunay na pagkakakilanlan ng Diyos Mismo, at ito ang

tumutukoy sa Kanyang katayuan. Samakatuwid, sa lahat ng nilikha, kung nais pumalit ng anumang nilalang na may buhay sa espirituwal na mundo o sa sangkatauhan ang magnais sa lugar ng Diyos, imposibleng magtagumpay ito, tulad ng anumang pagtatangkang magkunwaring Diyos. Totoo ito.

Hinango mula sa “Ang Diyos Mismo, ang Natatangi X” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay, kaya nga ginagawa Niyang sumailalim ang lahat ng nilikha sa Kanyang kapamahalaan at magpasakop sa Kanyang kapamahalaan; uutusan Niya ang lahat ng bagay, para lahat ng bagay ay nasa Kanyang mga kamay. Lahat ng nilikha ng Diyos, pati na ang mga hayop, halaman, sangkatauhan, kabundukan at mga ilog, at mga lawa—lahat ay kailangang sumailalim sa Kanyang kapamahalaan. Lahat ng bagay sa kalangitan at sa lupa ay kailangang sumailalim sa Kanyang kapamahalaan. Hindi sila maaaring magkaroon ng anumang pagpipilian at kailangang magpasakop ang lahat sa Kanyang mga pagsasaayos. Ito ay iniutos ng Diyos, at ito ang awtoridad ng Diyos. Inuutusan ng Diyos ang lahat, at inaayos at inihahanay ang lahat ng bagay, na bawat isa ay nakabukod ayon sa uri, at pinaglaanan ng sarili nilang posisyon, ayon sa kalooban ng Diyos. Gaano man iyon kalaki, walang anumang bagay ang makakahigit sa Diyos, lahat ng bagay ay nagsisilbi sa sangkatauhang nilikha ng Diyos, at walang anumang bagay ang nangangahas na sumuway sa Diyos o humingi ng anuman sa Diyos.

Hinango mula sa “Ang Tagumpay o Kabiguan ay Depende sa Landas na Tinatahak ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

May isang pangunahing prinsipyo sa pagtrato ng Panginoon ng paglalang sa mga nilikha, na siya ring pinakamataas na prinsipyo. Kung paano Niya tratuhin ang mga nilikha ay lubos na nababatay sa Kanyang plano ng pamamahala at sa Kanyang mga kahilingan; hindi Niya kailangang sumangguni kaninuman, ni hindi Niya kailangang pasang-ayunin sa Kanya ang sinuman. Anuman ang dapat Niyang gawin at paano

man Niya dapat tratuhin ang mga tao, ginagawa Niya, at, anuman ang Kanyang ginagawa o paano man Niya tinatrato ang mga tao, lahat ng mga ito ay naaayon sa mga prinsipyo ng paggawa ng Panginoon ng paglikha. Bilang isang nilikha, ang tanging gagawin ay magpasakop; wala nang iba pang dapat pagpipilian. Ano ang ipinapakita nito? Ipinapakita nito na ang Panginoon ng paglikha ay laging magiging Panginoon ng paglikha; nasa Kanya ang kapangyarihan at mga katangian upang isaayos at pamahalaan ang sinumang nilikha ayon sa gusto Niya, at hindi kailangang magkaroon ng dahilan para gawin iyon. Ito ang Kanyang awtoridad. Wala ni isa man sa mga nilikha, dahil sila ay mga nilikha, ang may kapangyarihan o karapat-dapat humatol kung paano dapat kumilos ang Lumikha o kung tama o mali ang Kanyang ginagawa, ni hindi karapat-dapat na pumili ang sinumang nilikha kung dapat silang pamahalaan, isaayos, o itapon ng Panginoon ng paglikha. Gayundin, wala ni isang nilikha ang karapat-dapat na pumili kung paano sila pinamamahalaan at itinatapon ng Panginoon ng paglikha. Ito ang pinakamataas na katotohanan. Anuman ang nagawa na ng Panginoon ng paglikha sa Kanyang mga nilikha, at paano man Niya nagawa na iyon, isa lamang ang dapat gawin ng mga taong Kanyang nilikha: Hanapin, magpasakop, alamin, at tanggapin ang katunayang ito na inilagay ng Panginoon ng paglikha. Ang magiging resulta sa huli ay na maisasakatuparan na ng Panginoon ng paglikha ang Kanyang plano ng pamamahala at matatapos na ang Kanyang gawain, na naging sanhi upang sumulong ang Kanyang plano ng pamamahala nang walang anumang mga sagabal; samantala, dahil natanggap na ng mga nilikha ang pamamahala at mga plano ng Lumikha, at nagpasakop na sa Kanyang pamamahala at mga plano, matatamo na nila ang katotohanan, mauunawaan na ang kalooban ng Lumikha, at malalaman na ang Kanyang disposisyon. May isa pang prinsipyo na kailangan Kong sabihin sa inyo: Anuman ang ginagawa ng Lumikha, paano man Siya nagpapakita, at malaki man o maliit ang Kanyang ginagawa, Siya pa rin ang Lumikha; samantalang ang buong sangkatauhan, na Kanyang nilikha, anuman ang kanilang nagawa, at gaano man sila katalino o kapalad, ay nananatiling

mga nilikha. Tungkol naman sa mga taong nilikha, gaano man karaming biyaya at gaano man karaming pagpapala ang natanggap nila mula sa Lumikha, o gaano man kalaking awa, kabutihang-loob, o kabaitan, hindi sila dapat maniwala na naiiba sila sa madla, o mag-isip na maaari silang makapantay sa Diyos at na mataas na ang kanilang katungkulan sa lahat ng nilalang. Ilang kaloob man ang naigawad sa iyo ng Diyos, o gaano kalaking biyaya ang naibigay Niya sa iyo, o gaano kabait ka man Niya natrato, o nabigyan ka man Niya ng ilang espesyal na talento, wala sa mga ito ang mga yaman mo. Ikaw ay isang nilikha, at sa gayon ay magiging isa kang nilikha magpakailanman. Huwag mong isipin kailanman na, "Isa akong munting sinta sa mga kamay ng Diyos. Hindi Niya ako pagbubuhatan ng kamay. Ang saloobin ng Diyos sa akin ay lagi nang magiging isang pagmamahal, pagmamalasakit, at magigiliw na paghaplos, na may kasamang mga bulong ng aliw at pagpapalakas ng loob." Bagkus, sa mga mata ng Lumikha, katulad ka ng lahat ng iba pang nilikha; maaari kang kasangkapanin ng Diyos kung gusto Niya, at maiaayon ka rin Niya kung gusto Niya, at maaari Niyang isaayos kung gusto Niya na gampanan mo ang bawat tungkulin sa lahat ng uri ng tao, kaganapan, at bagay. Ito ang kaalamang dapat magkaroon ang mga tao, at ang magandang diwang dapat nilang taglayin.

Hinango mula sa "Sa Paghahanap Lamang ng Katotohanan Malalaman ng Isang Tao ang mga Gawa ng Diyos" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang mga tao ay mga nilalang na walang nararapat na ipagmayabang. Dahil kayo ay mga nilalang ng Diyos, kailangan ninyong gampanan ang tungkulin ng isang nilalang. Wala nang iba pang mga hinihiling sa inyo. Ganito kayo dapat manalangin: "Diyos ko! May katayuan man ako o wala, nauunawaan ko na ngayon ang aking sarili. Kung mataas ang katayuan ko iyon ay dahil sa Iyong pagtataas, at kung ito ay mababa iyon ay dahil sa Iyong pagtatalaga. Lahat ay nasa Iyong mga kamay. Wala akong anumang mga pagpipilian, ni anumang mga reklamo. Itinalaga Mo na maisilang ako sa bansang ito at sa piling ng mga taong ito, at ang dapat ko lamang gawin

ay maging ganap na masunurin sa ilalim ng Iyong kapamahalaan dahil lahat ay nakapaloob sa Iyong naitalaga. Hindi ko iniisip ang katayuan; matapos ang lahat, isa lamang akong nilalang. Kung ilalagay Mo ako sa walang-hanggang kalaliman, sa lawa ng apoy at asupre, isa lamang akong nilalang. Kung kakasangkapanin Mo ako, isa lamang akong nilalang. Kung gagawin Mo akong perpekto, isa pa rin akong nilalang. Kung hindi Mo ako gagawing perpekto, mamahalin pa rin Kita dahil isa lamang akong nilalang. Isa lamang akong napakaliit na nilalang na nilikha ng Panginoon ng paglikha, isa lamang sa lahat ng taong nilikha. Ikaw ang lumikha sa akin, at muli Mo ako ngayong inilagay sa Iyong mga kamay upang gawin sa akin ang gusto Mo. Handa akong maging Iyong kasangkapan at Iyong hambingan dahil lahat ay kung ano ang Iyong naitalaga. Walang sinuman na maaaring baguhin ito. Lahat ng bagay at lahat ng pangyayari ay nasa Iyong mga kamay."

Hinango mula sa "Bakit Ayaw Mong Maging Hambingan?" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kapag nahaharap sa mga problema sa tunay na buhay, paano mo dapat alamin at unawain ang awtoridad ng Diyos at ang Kanyang kataas-taasang kapangyarihan? Kapag naharap ka sa ganitong mga problema at hindi mo alam kung paano unawain, hawakan, at danasin ang mga ito, anong saloobin ang dapat mong angkinin upang ipakita ang iyong intensyong magpasakop, ang iyong pagnanais na magpasakop, at ang realidad ng iyong pagpapasakop sa kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos? Una, dapat mong matutuhan ang maghintay; pagkatapos, dapat mong matutuhang maghanap; pagkatapos, dapat mong matutuhang magpasakop. Ang "paghihintay" ay nangangahulugan na paghihintay sa panahon ng Diyos, hinihintay ang mga tao, pangyayari, at bagay na Kanyang isinaayos para sa iyo, naghihintay na unti-unting ibunyag ng Kanyang kalooban ang kanyang sarili sa iyo. Ang ibig sabihin ng "paghahanap" ay pagmamasid at pag-unawa sa maalalahaning mga intensyon ng Diyos para sa iyo sa pamamagitan ng mga tao, pangyayari, at

bagay na inilatag Niya, pag-unawa sa katotohanan sa pamamagitan nila, pag-unawa sa dapat maisagawa ng tao at mga daang dapat nilang sundan, pag-unawa sa mga resulta na nais na makamtan ng Diyos sa mga tao at ano ang mga gusto Niyang magawa sa kanila. Ang "pagpapasakop," mangyari pa, ay tumutukoy sa pagtanggap sa mga tao, pangyayari, at bagay na isinaayos ng Diyos, pagtanggap sa Kanyang kataas-taasang kapangyarihan at, sa pamamagitan nito, ay malaman kung paano idinidikta ng Lumikha ang kapalaran ng tao, kung paano Niya tinutustusan ang tao ng Kanyang buhay, kung paano Niya pinapagana ang katotohanan sa tao. Lahat ng bagay sa ilalim ng mga pagsasaayos at kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos ay sumusunod sa natural na mga batas, at kung pagpasyahan mo na hayaan ang Diyos na isaayos at diktahan ang lahat para sa iyo, dapat mong matutuhan ang maghintay, dapat mong matutuhan ang maghanap, at dapat mong matutuhan ang magpasakop. Ito ang saloobin na dapat magkaroon ang bawat tao na nagnanais magpasakop sa awtoridad ng Diyos, ang pangunahing katangian na dapat taglayin ng bawat tao na nagnanais tanggapin ang kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos. Upang magkaroon ng ganoong saloobin at para magkaroon ng ganoong katangian, dapat ay lalo kang magpunyagi. Ito ang tanging paraan para makapasok sa tunay na realidad.

Hinango mula sa "Ang Diyos Mismo, ang Natatangi III" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang tanging saloobing dapat taglayin ng isang nilalang sa kanyang Lumikha ay yaong pagsunod, walang pasubaling pagsunod. Ito ay isang bagay na maaaring hindi matanggap ng ilang tao ngayon. Ito ay dahil napakaliit ng tayog ng tao at wala silang katotohanang realidad. Kung inilalarawan nito ang iyong kalagayan, malayong magawa mo na sumunod sa Diyos. Samantalang ang tao ay tinutustusan at dinidiligan ng salita ng Diyos, ang tao sa katunayan ay naghahanda para sa iisang bagay. Ito ay ang magawang makamtan ang walang pasubali, lubos na pagpapasakop sa Diyos sa dakong huli, kung kailan, ikaw, ang nilikhang ito, ay nakaabot

na sa kinakailangang pamantayan. Kung minsan, sinasadya ng Diyos na gawin ang mga bagay-bagay na salungat sa iyong mga kuro-kuro, na hindi kaayon ng ibig mo, o lumilitaw pang laban sa mga prinsipyo, o laban sa damdamin ng tao, pagkatao, o mga saloobin, kaya hindi mo matanggap at maunawaan ang mga ito. Saang panig mo man ito tingnan, tila hindi ito tama, hindi mo lang talaga matanggap ito, at nararamdaman mo na sadyang hindi makatwiran ang Kanyang nagawa. Kaya't ano ang layunin ng Diyos sa paggawa ng mga bagay na ito? Ito ay upang subukin ka. Hindi mo kailangang talakayin kung paano at bakit nagawa iyon ng Diyos; ang kailangan mo lamang gawin ay panatilihin ang iyong pananampalataya na Siya ang katotohanan, at kilalanin na Siya ang Lumikha sa iyo, na Siya ang iyong Diyos. Mas mataas pa ito kaysa buong katotohanan, mas mataas kaysa sa lahat ng pangmundong karunungan, kaysa sa tinatawag ng tao na moralidad, mga prinsipyo ng tamang pag-uugali, kaalaman, edukasyon, pilosopiya o tradisyonal na kultura, at higit pa itong mataas kaysa sa pagmamahal o pakikisama o sa tinatawag na pagmamahalan sa pagitan ng mga tao—mas mataas pa ito kaysa anupamang iba. Kung hindi mo ito nauunawaan, sa malao't madali, kapag may nangyayari sa iyo, may panganib na maghimagsik ka laban sa Diyos at maligaw ng landas bago magsisi sa huli at kilalanin kung gaano kaibig-ibig ang Diyos at ang kabuluhan ng gawaing isinasagawa Niya sa iyo; o, ang mas masahol pa, maaari kang matalisod at mabuwal dahil dito. … Gaano man katagal naniniwala ang isang tao sa Diyos, gaano man kahaba ang daan na kanilang nalakbay, gaano man kalaking gawain ang kanilang nagawa at ilan mang mga tungkulin ang kanilang nagampanan, ang panahong ito ay paghahandang lahat sa kanila para sa iisang bagay: upang sa dakong huli ay magawa mong kamtin ang walang-pasubali at lubusang pagpapasakop sa Diyos. Kaya't ano ang ibig sabihin ng "walang pasubali"? Ang ibig sabihin nito ay pagbabalewala sa iyong sariling mga pangangatwiran, pagbabalewala sa layon mong pangangatwiran, at hindi pakikipagtalo sa kung ano-ano: Ikaw ay isang nilalang, at hindi ka karapat-dapat. Kapag nakipagtalo ka sa Diyos, wala ka sa tamang lugar; kapag tinangka mong

pangatwiranan ang iyong sarili sa Diyos, minsan pa, wala ka sa tamang lugar; kapag nakipagtalo ka sa Diyos, kapag nais mong itanong kung bakit, malaman kung ano ang talagang nangyayari, kung hindi ka makasunod nang hindi mo muna inuunawa, at magpapasakop ka lamang kapag malinaw na sa iyo ang lahat, minsan pang wala ka sa tamang lugar. Kapag nasa maling lugar ka, lubos ba ang iyong pagsunod sa Diyos? Pinakikitunguhan mo ba ang Diyos ayon sa nararapat na pakikitungo sa Diyos? Sinasamba mo ba Siya bilang ang Panginoon ng lahat ng nilikha? Hindi, kung gayon ay hindi ka kilala ng Diyos. Anong mga bagay ang magtutulak sa iyo na magkamit ng lubos at walang-pasubaling pagsunod sa Diyos? Paano ito mararanasan? Sa isang dako, kailangan ang kaunting budhi at pakiramdam ng normal na pagkatao; sa kabilang dako, habang tinutupad mo ang iyong mga tungkulin, dapat maunawaan ang bawat isang aspeto ng katotohanan upang maunawaan mo ang kalooban ng Diyos. Kung minsan, kulang ang kakayahan ng tao, at walang lakas o sigla ang tao para maunawaan ang lahat ng katotohanan. May isang bagay, gayunman: Anuman ang kapaligiran, mga tao, pangyayari, at mga bagay na dumarating sa iyo at naisaayos ng Diyos, dapat kang magkaroon lagi ng masunuring saloobin at huwag mong itanong kung bakit. Kung maging ang saloobing ito ay hindi mo maabot, at kaya mo pang umabot sa pag-iingat laban sa Diyos, pagpapalagay tungkol sa Diyos, o kung hindi ay iniisip mo sa sarili mo, “Kailangan kong isaalang-alang kung talagang matuwid ang ginagawa ng Diyos. Sinasabi nila na ang Diyos ay pagmamahal, kung gayon ay tingnan natin kung may pagmamahal sa Kanyang ginagawa sa akin, at kung talagang pagmamahal nga ito,” kung lagi mong sinusuri kung ang ginagawa ba ng Diyos ay tumutugma sa iyong mga kuru-kuro, tinitingnan kung ang ginagawa ba ng Diyos ay ang ibig mo, o maging kung tumatalima ba ito sa pinaniniwalaan mong katotohanan, kung gayon ay wala ka sa tamang lugar, at magdudulot ito sa iyo ng gulo at malamang ay magkakasala ka sa disposisyon ng Diyos.

Hinango mula sa “Para sa mga Lider at Manggagawa, Pagpili ng Isang Landas ang Pinakamahalaga (9)” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Bilang bahagi ng sangnilikha, anong basehan ng iyong mga pag-uutos sa Diyos? Hindi kwalipikado ang tao na mag-utos sa Diyos. Ang utusan ang Diyos ay ang pinakawalang-katuwirang bagay sa lahat. Gagawin ng Diyos ang anumang Kanyang ninanais, at may karapatan ang Diyos na huwag gawin ito sa ganitong paraan. May karapatan Siyang tanganan ang mga bagay na ito sa Kanyang sarili. Ang sarili Niyang disposisyon ay matuwid. Ang pagkamatuwid sa anumang paraan ay walang-kinikilingan at makatwiran, hinahati ang isa sa dalawa, ginagantimpalaan ka ayon sa dami ng gawain na iyong ginagawa o binabayaran ka para sa kumg gaano karami ng gawain na iyong natapos. Hindi ito ang pagkamatuwid ng Diyos. Naniniwala ka na ginagawa ng bawa't isang tao ang kanyang bahagi, na ang pamamahagi ay naaayon sa natapos na gawain, at ang bawa't isang tao ay tumatanggap ng nararapat sa kanya ayon sa kanyang inilalagak; wala nang iba maliban dito ang pagkamatuwid. Halimbawa ay inalis ng Diyos si Job pagkatapos na sumaksi ni Job para sa Kanya. Matuwid rin dito ang Diyos. Bakit sinasabi na Siya ay matuwid? Ang pagsasabi na matuwid ang Diyos sa paggawa nito, bakit sinasabi ang gayong bagay? Ang pagkamatuwid ay gayong bagay na kung ang isang bagay ay tutugma sa mga pagkaintindi ng mga tao, sasabihin ng mga tao na matuwid ang Diyos, na malayong mas madali, nguni't kung hindi nakikita ng mga tao na tumutugma ito sa kanilang mga pagkaintindi, kung ito ay isang bagay na hindi maintindihan ng mga tao, kakailanganin ng mga tao ang matinding pagsisikap para maipaliwanag iyan bilang pagkamatuwid. Kung inalis Niya si Job nang panahong iyon, hindi sasabihin ng mga tao na matuwid ang Diyos. Kahit na may mga tao na nagsabing matuwid Siya, sasabihin nila ito nang napipilitan: "Ang Diyos si Jehovah ay maayos naman…." Sa totoo lang kung aalisin ng Diyos ang mga tao, tiwali man sila o hindi, dapat bang ipaliwanag ng Diyos ang mga dahilan ng pag-aalis sa mga tao? Kailangan bang ipaliwanag Niya sa mga tao ang Kanyang basehan sa pag-aalis sa kanila? Hindi na kailangan, tama? Kailangan bang ibatay ito sa pagpreserba ng mga taong magagamit, at pag-aalis sa isang taong hindi magagamit? Hindi kailangan. Sa mata ng Diyos ang isang taong tiwali ay

maaari Niyang pakitunguhan ayon sa Kanyang ikinasisiya. Paano man ito gawin ay naaangkop; lahat ay nasa Kanyang plano. Kung hindi kasiya-siya sa Kanyang paningin, wala ka nang silbi pagkatapos mong maging saksi at inalis ka, matuwid ba ito? Ito ay pagkamatuwid. Kahit na sa katotohanan ay hindi ito madaling maunawaan, kailangang magkaroon ka ng pagkaunawa bilang prinsipyo. Sabihin mo sa akin, matuwid ba ang pagwasak ng Diyos kay Satanas? Kung iniligtas Niya si Satanas? Marahil ay hindi ka maglalakas-loob na sabihin? Paano ito naging matuwid? Ang esensya ng Diyos ay pagkamatuwid. Kahit hindi madaling maunawaan kung ano ang ginagawa ng Diyos, lahat ng ginagawa Niya ay matuwid. Ito ay simple lamang na hindi nauunawaan ng mga tao, walang pagkakamali tungkol diyan. Nakikita mo na nang ibigay ng Diyos si Pedro kay Satanas, kung paano tumugon si Pedro: “Hindi kayang pasukin ng tao ang Iyong ginagawa, nguni’t sa lahat ng ginagawa Mo ay naroroon ang iyong mabuting kalooban. Sa lahat ng iyon ay naroroon ang pagkamatuwid. Paano akong hindi bibigkas ng papuri para sa Iyong mabubuting gawa?” Ngayon dapat mong pansinin na hindi agad inaalis ng Diyos si Satanas, upang makita ng tao kung paano ginawang tiwali ni Satanas ang mga tao, at kung paano iniligtas ng Diyos ang mga tao. Pagkatapos lamang na makita ng mga tao ang lawak ng pagiging-tiwali ng tao na ginawa ni Satanas, kung paanong ang listahan ng mga krimen ni Satanas ay nakararating sa mga kalangitan doon lamang sukdulang aalisin ng Diyos si Satanas, upang makita ng mga tao na naririto ang pagkamatuwid ng Diyos at ang Kanyang disposisyon. Lahat ng ginagawa ng Diyos ay matuwid. Kahit hindi mo ito matuklasan, hindi ka dapat humatol ayon sa iyong ikinasisiya. Kung sa tingin mo ay hindi ito makatwiran, o kung may pagkaintindi ka tungkol dito, at pagkatapos ay sinasabi mong ang Diyos ay hindi matuwid, ito ang pinaka-hindi-makatwiran.

Hinango mula sa “Paano Mauunawaan ang Matuwid na Disposisyon ng Diyos” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sa tao, marami ang ginagawa ng Diyos na hindi kayang unawain at ni

hindi kapani-paniwala. Kapag nais ng Diyos na pangasiwaan ang isang tao, ang pangangasiwang ito ay madalas na salungat sa mga kuru-kuro ng tao, at hindi niya kayang unawain, gayon pa man ito mismong di-pagkakatugma at kawalan ng kakayahang maunawaan ay mga pagsubok at hamon ng Diyos sa tao. Samantala, si Abraham ay nagpakita ng pagsunod sa Diyos sa sarili niya mismo, na pinaka-pangunahing kondisyon ng kanyang kakayahang tugunan ang hinihingi ng Diyos. Nang nagawang sundin ni Abraham ang hinihingi ng Diyos, nang kanyang ialay si Isaac, saka lamang tunay na naramdaman ng Diyos ang pagkakaroon ng katiyakan at pagsang-ayon sa sangkatauhan—tungo kay Abraham, na Kanyang hinirang. Saka lamang nakasiguro ang Diyos na ang taong ito na Kanyang hinirang ay isang hindi mababalewalang pinuno na maaaring magsagawa ng Kanyang pangako at ng Kanyang susunod na plano ng pamamahala. Kahit na ito ay isang pagsubok lamang, nasiyahan ang Diyos, naramdaman Niya ang pagmamahal ng tao sa Kanya, at nadama Niya ang kalinga ng tao na hindi Niya dating nadama. Noong sandaling itinaas ni Abraham ang kanyang sundang upang patayin si Isaac, pinigilan ba siya ng Diyos? Hindi hinayaan ng Diyos na ialay ni Abraham si Isaac, dahil walang intensyon ang Diyos na bawiin ang buhay ni Isaac. Kaya pinigilan ng Diyos si Abraham sa tamang oras. Para sa Diyos, nakapasa na sa pagsubok ang pagkamasunurin ni Abraham, sapat na ang kanyang ginawa, at nakita na ng Diyos ang kalalabasan ng Kanyang binalak gawin. Kasiya-siya ba ang kinalabasang ito para sa Diyos? Maaaring sabihin na ang kinalabasan na ito ay kasiya-siya sa Diyos, na ito ang nais ng Diyos, at ito ang nais Niyang makita. Ito ba ay totoo? Kahit na, sa iba't ibang konteksto, ginagamit ng Diyos ang iba't ibang paraan ng pagsubok sa bawat tao, nakita ng Diyos kay Abraham ang nais Niya, nakita Niyang totoo ang puso ni Abraham at walang kondisyon ang kanyang pagsunod. Ito mismong "kawalan ng kondisyon" na ito ang ninais ng Diyos.

Hinango mula sa "Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo II" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Si Job ay hindi nakipagpalitan sa Diyos, at hindi humiling o humingi sa Diyos. Ang kanyang pagpupuri sa pangalan ng Diyos ay dahil sa dakilang kapangyarihan at awtoridad ng Diyos sa pamumuno sa lahat ng bagay, at hindi nakasalalay sa kung siya ay nagkamit ng pagpapala o nakaranas ng kalamidad. Naniwala siya na kung magbibigay man ng pagpapala ang Diyos sa mga tao o kaya ay magdudulot ng kapahamakan sa kanila, ang kapangyarihan at awtoridad ng Diyos ay hindi magbabago, at dahil dito, anuman ang kalagayan ng isang tao, ang pangalan ng Diyos ay dapat na purihin. Dahil sa dakilang kapangyarihan ng Diyos, pinagpala ang tao, at kapag dumating ang sakuna sa tao, ito ay dahil din sa dakilang kapangyarihan ng Diyos. Ang kapangyarihan at awtoridad ng Diyos ay namamahala at nagsasaayos ng lahat tungkol sa tao; ang pabago-bagong kapalaran ng tao ay pagpapahayag ng kapangyarihan at awtoridad ng Diyos, at kung anuman ang pananaw ng tao, ang pangalan ng Diyos ay dapat na papurihan. Ito ang naranasan at nalaman ni Job sa mga taon ng kanyang buhay. Ang lahat ng mga inisip at ikinilos ni Job ay umabot sa mga tainga ng Diyos, at dumating sa harap ng Diyos, at itinuring na mahalaga ng Diyos. Itinangi ng Diyos ang kaalamang ito ni Job, at pinahalagahan Niya si Job sa pagkakaroon ng ganitong puso. Ang pusong ito ay palaging naghihintay sa utos ng Diyos, at sa lahat ng lugar, at kahit ano pa ang oras o lugar, tinanggap nito ang anumang dumating sa kanya. Walang hiniling si Job sa Diyos. Ang hiningi niya sa sarili niya ay ang maghintay, tumanggap, humarap at sumunod sa lahat ng pagsasaayos na nanggaling sa Diyos; naniwala si Job na ito ang kanyang tungkulin, at ito mismo ang nais ng Diyos.

Hinango mula sa “Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo II” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa kanyang paniniwala sa Diyos, hinangad ni Pedro na bigyang-kasiyahan ang Diyos sa lahat ng bagay, at hinangad na sundin ang lahat ng nagmula sa Diyos. Wala ni katiting na reklamo, nagawa niyang tanggapin ang pagkastigo at paghatol, gayundin ang pagpipino,

kapighatian at kakulangan sa kanyang buhay, at walang isa man dito na maaaring magpabago sa kanyang pagmamahal sa Diyos. Hindi ba ito ang sukdulang pagmamahal sa Diyos? Hindi ba ito ang katuparan ng tungkulin ng isang nilalang ng Diyos? Sa pagkastigo man, paghatol, o kapighatian, lagi kang may kakayahang maging masunurin hanggang kamatayan, at ito ang dapat makamit ng isang nilalang ng Diyos, ito ang kadalisayan ng pagmamahal sa Diyos. Kung makakamtan ng tao ang ganito, siya ay isang angkop na nilalang ng Diyos, at wala nang ibang mas nagbibigay-kasiyahan sa naisin ng Lumikha. Ipagpalagay nang nakakagawa ka para sa Diyos, subalit hindi ka sumusunod sa Diyos, at hindi mo kayang tunay na mahalin ang Diyos. Sa ganitong paraan, hindi mo lamang hindi natupad ang tungkulin ng isang nilalang ng Diyos, kundi ikukondena ka rin ng Diyos, dahil ikaw ay isang taong hindi nagtataglay ng katotohanan, na walang kakayahang sumunod sa Diyos, at suwail sa Diyos. Pinahahalagahan mo lamang ang paggawa para sa Diyos, at hindi mo pinahahalagahan ang pagsasagawa ng katotohanan o pagkilala sa iyong sarili. Hindi mo nauunawaan o nakikilala ang Lumikha, at hindi mo sinusunod o minamahal ang Lumikha. Ikaw ay isang taong likas na suwail sa Diyos, kaya nga ang gayong mga tao ay hindi minamahal ng Lumikha.

Hinango mula sa “Ang Tagumpay o Kabiguan ay Depende sa Landas na Tinatahak ng Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Tanging ang mga Nagpapasakop sa Dakilang Kapangyarihan ng Lumikha ang Maaaring Makatamo ng Tunay na Kalayaan

Dahil hindi nakikilala ng mga tao ang pagsasaayos ng Diyos at ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, palagi nilang hinaharap ang kapalaran nang may pagtanggi at mapanghimagsik na saloobin, at palaging nais isantabi ang awtoridad at kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos at ang mga bagay na inilaan ng kapalaran, umaasa nang walang-saysay na mababago ang kanilang kasalukuyang mga kalagayan at mapapalitan ang kanilang kapalaran. Subalit hindi sila kailanman magtatagumpay at nahahadlangan sila sa bawat liko. Ang pakikibakang ito

na nagaganap sa kaibuturan ng sariling kaluluwa ay nagdudulot ng matinding sakit na tila tagos hanggang buto habang unti-unti niyang inaaksaya ang kanyang buhay. Ano ang sanhi ng sakit na ito? Dahil ba sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, o dahil sa ang tao ay ipinanganak na hindi maswerte? Malinaw na alinman dito ay hindi totoo. Pangunahin na ito ay dahil sa mga landas na tinatahak ng mga tao, sa mga paraan na pinili ng mga tao na isabuhay ang kanilang mga buhay. May ilang tao na maaaring hindi nakatanto ng mga bagay na ito. Subalit kapag tunay mong nalalaman, kapag tunay mong nakikilala na ang Diyos ay may kataas-taasang kapangyarihan sa kapalaran ng tao, kapag tunay mong nauunawaan na ang lahat ng pinlano at pinagpasyahan ng Diyos para sa iyo ay isang malaking benepisyo at proteksyon, kung gayon unti-unting mapapawi ang iyong sakit, at ang buo mong pagkatao ay walang tensyon, malaya, may kasarinlan. Batay sa mga kalagayan ng karamihan sa mga tao, hindi nila kayang tanggapin sa katunayan ang praktikal na halaga at kahulugan ng kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha sa kapalaran ng tao, bagaman sa personal na lebel, ayaw na nilang patuloy na mamuhay gaya ng dati at nais nila ng ginhawa mula sa kanilang sakit; talagang hindi nila kayang tunay na makilala at magpasakop sa kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha, at lalong hindi alam kung paano hahanapin at tatanggapin ang mga pagsasaayos at paghahanda ng Lumikha. Kung kaya, kapag hindi talaga makilala ng mga tao ang katotohanan na ang Lumikha ay may kataas-taasang kapangyarihan sa kapalaran ng tao at sa lahat ng bagay na pantao, kung hindi sila tunay na makapagpapasakop sa pangingibabaw ng Lumikha, kung gayon ay magiging mahirap para sa kanila na hindi madala at hindi mapigilan ng ideya na “ang kapalaran ng isang tao ay nasa kanyang sariling mga kamay.” Magiging mahirap para sa kanila na pagpagin ang sakit ng kanilang matinding pakikibaka laban sa kapalaran at sa awtoridad ng Lumikha, at hindi man kailangang sabihin, magiging mahirap din para sa kanila na maging tunay na napalaya at nakalagan, na maging mga taong sumasamba sa Diyos. Ngunit may napakasimpleng paraan upang mapalaya ang sarili mula sa ganitong

kalagayan: ang magpaalam sa dating sariling paraan ng pamumuhay; ang magpaalam sa sariling dating mga layunin sa buhay, at ibuod at suriin ang dating istilo ng pamumuhay, pananaw sa buhay, mga pagsusumikap, mga pagnanais, at mga minimithi; at pagkatapos ay ihambing ang mga ito sa kalooban at mga hinihingi ng Diyos sa tao, at tingnan kung tugma ang alinman sa mga ito sa kalooban at mga hinihingi ng Diyos, kung may alinman sa mga ito ang naghahatid ng mga tamang prinsipyo sa buhay, nagdadala sa isang tao sa isang mas malaking pagkaunawa sa katotohanan, at nagtutulot sa kanya na mabuhay nang may pagkatao at kawangis ng tao. Kapag paulit-ulit mong sinisiyasat at maingat na sinusuri ang iba't ibang layunin sa buhay na pinagsisikapan ng mga tao at ang kanilang di-mabilang na paraan ng pamumuhay, matutuklasan mo na ni isa sa kanila ay hindi akma sa orihinal na layon ng Lumikha nang Kanyang likhain ang sangkatauhan. Lahat ng ito ay naglalayo sa mga tao mula sa kataas-taasang kapangyarihan at pangangalaga ng Lumikha; lahat ng ito ay mga bitag na nagsasanhi na maging napakasama ng mga tao, at naghahatid sa kanila sa impiyerno. Matapos mong makilala ito, ang tungkulin mo ay isantabi ang iyong lumang pananaw sa buhay, manatiling malayo sa sari-saring mga patibong, hayaan ang Diyos na mamahala sa iyong buhay at gumawa ng mga pagsasaayos para sa iyo; ito ay para subukan lamang na magpasakop sa mga pagsasaayos at paggabay ng Diyos, na mamuhay na hindi gumawa ng pagpili bilang isang indibiduwal, at maging isang tao na sumasamba sa Diyos. Mukhang madali ito, ngunit isang bagay ito na mahirap gawin. Kayang tiisin ng ilang tao ang sakit nito, ang iba'y hindi. May ilan na handang sumunod, ang iba ay hindi. Ang mga hindi handa ay kulang sa pagnanais at sa kapasiyahan na gawin ito; malinaw na batid nila ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, alam na alam nila na ang Diyos ang Siyang nagpaplano at nagsasaayos ng kapalaran ng tao, gayunman ay patuloy silang sumisipa at nakikibaka at nanatiling hindi umaayon na ilagay ang kanilang mga kapalaran sa palad ng Diyos at magpasakop sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, dagdag pa rito, naghihinanakit sila sa mga pagsasaayos at paghahanda ng

Diyos. Kung kaya palaging magkakaroon ng ilang tao na nagnanais makita para sa kanilang mga sarili kung ano ang kaya nilang gawin; nais nilang baguhin ang kanilang mga kapalaran sa sarili nilang mga kamay, o makamit ang kaligayahan sa ilalim ng kanilang sariling kapangyarihan, upang makita kung malalampasan nila ang hangganan ng awtoridad ng Diyos at pangibabawan ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos. Ang trahedya sa tao ay hindi ang paghahanap niya ng maligayang buhay, hindi sa hinahangad niya ang katanyagan at tagumpay o mga pakikibaka laban sa kanyang sariling kapalaran sa kalituhan, kundi pagkatapos niyang makita ang pag-iral ng Lumikha, matapos niyang matutuhan ang katotohanan na ang Lumikha ang may kataas-taasang kapangyarihan sa kapalaran ng tao, hindi pa rin niya maiwasto ang kanyang mga nakagawian, hindi niya maalis ang kanyang mga paa sa pusali, ngunit pinatitigas ang kanyang puso at nagpupumilit sa kanyang mga pagkakamali. Mas nanaisin pa niyang magpatuloy na maglupasay sa putikan, matigas ang ulong nakikipagpaligsahan sa kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha, nilalabanan ito hanggang sa mapait na katapusan, nang wala ni katiting na pagsisisi. Magpapasya lamang siyang sumuko at bumalik kapag siya'y nakahiga nang wasak at nagdurugo. Ito ang tunay na pighati ng tao. Kaya sinasabi Ko, ang mga pumipili na magpasakop ay matatalino, at ang mga pumipili na makipagbuno at tumakas ay hangal.

Hinango mula sa "Ang Diyos Mismo, ang Natatangi III" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

160. Ang mga Prinsipyo ng Pagsunod sa mga Administratibong Atas at mga Utos ng Diyos

(1) Kinakailangang maunawaan ang diwa at totoong kahulugan ng mga administratibong atas at mga utos. Unawain ang kalooban ng Diyos at igalang Siya sa iyong puso upang huwag magkasala sa Kanyang disposisyon;

(2) Kinakailangang hanapin ang katotohanan at alamin ang

disposisyon ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang mga administratibong atas at mga utos. Tunay na sundin ang Kanyang mga administratibong atas at mga utos;

(3) Kinakailangang maunawaan ang mga sariling karupukan at mga nakamamatay na kahinaan ng tao upang mabalangkas ang kanyang mga prinsipyo ng pagsasagawa, sa gayon ay matitiyak ang pagsunod sa mga administratibong atas at mga utos ng Diyos;

(4) Ang mga administratibong atas at mga utos ng Diyos ang pinakahigit na naglalantad kung mayroong pagkatao ang isang tao. Ang taong hindi sumusunod sa mga administratibong atas at mga utos ay isang taong walang pagkatao, at tiyak na aalisin.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang Sampung Atas Administratibo na Dapat Sundin ng Hinirang na Bayan ng Diyos sa Kapanahunan ng Kaharian

(Isang Piniling Kabanata ng Salita ng Diyos)

1. Hindi dapat ipagmalaki ng tao ang kanyang sarili, ni itaas ang kanyang sarili. Dapat niyang sambahin at dakilain ang Diyos.

2. Gawin mo ang lahat ng bagay na kapaki-pakinabang sa gawain ng Diyos at hindi ang anumang nakasasama sa kapakanan ng gawain ng Diyos. Ipagtanggol mo ang pangalan ng Diyos, ang patotoo ng Diyos, at ang gawain ng Diyos.

3. Ang pera, materyal na mga bagay, at lahat ng ari-arian sa sambahayan ng Diyos ang mga handog na dapat ibigay ng tao. Walang sinumang maaaring magtamasa ng mga handog na ito kundi ang pari at ang Diyos, sapagkat ang mga handog ng tao ay para sa kaluguran ng Diyos. Ibinabahagi lamang ng Diyos ang mga handog na ito sa pari, at wala nang iba pang kwalipikado o nararapat na magtamasa ng anumang bahagi ng mga iyon. Lahat ng handog ng tao (pati na ang pera at mga materyal na bagay na maaaring matamasa) ay ibinibigay sa Diyos, hindi sa tao. Kaya nga, ang mga bagay na ito ay hindi dapat tamasahin ng tao; kung tatamasahin ng tao ang mga ito, magnanakaw siya ng mga handog. Sinumang gumagawa nito ay isang Judas, sapagkat, bukod pa sa pagiging

traydor, kinuha rin ni Judas ang nakalagay sa supot ng pera.

4. Ang tao ay may tiwaling disposisyon at, bukod pa rito, siya ay nagtataglay ng damdamin. Dahil dito, talagang ipinagbabawal sa dalawang kasaping magkaiba ang kasarian na magsama sa gawain nang walang kasama habang naglilingkod sa Diyos. Sinumang matuklasan na gumagawa nito ay ititiwalag, nang walang pagtatangi.

5. Huwag mong husgahan ang Diyos, ni basta-bastang talakayin ang mga bagay na may kaugnayan sa Diyos. Gawin mo ang nararapat gawin ng tao, at magsalita kung paano dapat magsalita ang tao, at huwag kang lumampas sa iyong mga limitasyon ni lumabag sa iyong mga hangganan. Bantayan mo ang iyong sariling pananalita at mag-ingat kung saan ka tumatapak, upang maiwasan mo ang paggawa ng anumang bagay na lalabag sa disposisyon ng Diyos.

6. Gawin mo iyong nararapat gawin ng tao, at isakatuparan ang iyong mga obligasyon, at tuparin ang iyong mga responsibilidad, at manangan sa iyong tungkulin. Yamang nananalig ka sa Diyos, dapat kang gumawa ng iyong kontribusyon sa gawain ng Diyos; kung hindi, hindi ka karapat-dapat na kumain at uminom ng mga salita ng Diyos, at hindi ka karapat-dapat na manirahan sa sambahayan ng Diyos.

7. Sa gawain at mga usapin ng iglesia, bukod pa sa pagsunod sa Diyos, dapat mong sundin ang mga tagubilin ng tao na ginagamit ng Banal na Espiritu sa lahat ng bagay. Kahit ang pinakamaliit na pagsuway ay hindi katanggap-tanggap. Kailangan mong maging ganap sa iyong pagsunod, at huwag mong suriin ang tama o mali; anuman ang tama o mali ay walang kinalaman sa iyo. Ganap na pagsunod lamang ang iyong dapat alalahanin.

8. Ang mga taong nananalig sa Diyos ay dapat sumunod sa Diyos at sumamba sa Kanya. Huwag mong dakilain o tingalain ang sinumang tao; huwag mong unahin ang Diyos, ipangalawa ang mga tao na iyong tinitingala, at ipangatlo ang iyong sarili. Walang sinumang dapat magkaroon ng lugar sa iyong puso, at hindi mo dapat isaalang-alang ang mga tao—lalo na ang iyong mga iginagalang—na kapareho ng Diyos, na Kanyang kapantay. Hindi ito katanggap-tanggap para sa Diyos.

9. Panatilihin mong nasa gawain ng iglesia ang iyong pag-iisip. Isantabi mo ang mga inaasam ng iyong sariling laman, maging desidido ka tungkol sa mga usaping pampamilya, buong-puso mong ialay ang iyong sarili sa gawain ng Diyos, at unahin mo ang gawain ng Diyos at ipangalawa ang iyong sariling buhay. Ito ang kagandahang-asal ng isang banal.

10. Ang kaanak na iba ang pananampalataya (ang iyong mga anak, ang iyong asawa, iyong mga kapatid o magulang, at iba pa) ay hindi dapat piliting sumapi sa iglesia. Ang sambahayan ng Diyos ay hindi kulang sa mga kasapi, at hindi kailangang pataasin ang bilang nito ng mga taong walang silbi. Hindi na dapat akayin sa iglesia ang lahat ng hindi malugod na nananalig. Ang kautusang ito ay para sa lahat ng tao. Dapat ninyong siyasatin, subaybayan at paalalahanan ang isa't isa sa bagay na ito, at walang sinumang maaaring lumabag dito. Kahit atubiling pumapasok nga sa iglesia ang kaanak na iba ang pananampalataya, huwag silang bigyan ng mga aklat o ng bagong pangalan; ang gayong mga tao ay hindi bahagi ng sambahayan ng Diyos, at kailangang patigilin ang pagpasok nila sa iglesia sa anumang paraang kinakailangan. Kung may gulong nadala sa iglesia dahil sa paglusob ng mga demonyo, ikaw mismo ay ititiwalag o paghihigpitan. Sa madaling salita, lahat ay may responsibilidad sa bagay na ito, ngunit hindi ka rin dapat magpadalus-dalos, ni gumamit nito para lutasin ang mga personal mong atraso.

mula sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kailangang maging tapat ang mga tao sa maraming tungkuling dapat nilang gampanan. Ito ang dapat sundin ng mga tao, at ito ang kailangan nilang isakatuparan. Hayaang gawin ng Banal na Espiritu ang kailangang gawin ng Banal na Espiritu; hindi maaaring makialam ang tao rito. Dapat maging tapat ang tao sa nararapat gawin ng tao, na walang kaugnayan sa Banal na Espiritu. Ito ay walang iba kundi yaong nararapat gawin ng tao, at dapat sundin bilang isang utos, katulad ng pagsunod sa kautusan sa Lumang Tipan. Bagama't hindi Kapanahunan ng Kautusan ngayon, marami pa ring mga salitang dapat sundin na kauri ng mga salitang sinambit sa

Kapanahunan ng Kautusan. Ang mga salitang ito ay hindi isinasakatuparan sa pamamagitan lamang ng pag-asa sa pag-antig ng Banal na Espiritu, kundi sa halip, ang mga ito ay dapat sundin ng tao. Halimbawa: Huwag ninyong husgahan ang gawain ng praktikal na Diyos. Huwag ninyong kontrahin ang taong pinatotohanan ng Diyos. Sa harap ng Diyos, tumayo kayo sa inyong lugar at huwag maging pasaway. Dapat kayong maging mahinahon sa pagsasalita, at ang inyong mga salita at kilos ay kailangang sumunod sa mga plano ng taong pinatotohanan ng Diyos. Dapat kayong magpitagan sa patotoo ng Diyos. Huwag ninyong balewalain ang gawain ng Diyos at ang mga salitang nagmumula sa Kanyang bibig. Huwag ninyong gayahin ang tono at mga layunin ng mga pahayag ng Diyos. Sa inyong mga kilos, huwag kayong gumawa ng anuman na hayagang kumokontra sa taong pinatotohanan ng Diyos. At iba pa. Ito ang mga bagay na dapat sundin ng bawat tao. Sa bawat kapanahunan, maraming panuntunang tinutukoy ang Diyos na may pagkakatulad sa mga kautusang dapat sundin ng tao. Sa pamamagitan nito, napipigilan Niya ang disposisyon ng tao at nasusubukan ang kanyang katapatan. Isipin ang mga salitang “Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina” sa kapanahunan ng Lumang Tipan, halimbawa. Hindi angkop ang mga salitang ito ngayon; sa panahong iyon, napigilan lamang ng mga ito ang ilan sa mga panlabas na disposisyon ng tao, nagamit upang ipamalas ang katapatan ng paniniwala ng tao sa Diyos, at naging isang tanda ng mga naniwala sa Diyos. Bagama’t Kapanahunan ng Kaharian ngayon, marami pa ring panuntunang kailangang sundin ang tao. Hindi angkop ang mga panuntunan noong araw, at ngayon ay marami pang mas akmang pagsasagawang isasakatuparan ang tao, na kinakailangan. Walang kinalaman dito ang gawain ng Banal na Espiritu at kailangan itong gawin ng tao.

Sa Kapanahunan ng Biyaya, marami sa mga pagsasagawa sa Kapanahunan ng Kautusan ang inalis dahil ang mga kautusang ito ay hindi epektibo lalo na para sa gawain noon. Matapos alisin ang mga ito, maraming pagsasagawa ang itinakda na naaangkop sa kapanahunan, at naging mga panuntunan na sa ngayon. Nang pumarito ang Diyos ng

panahong ito, tinanggal ang mga panuntunang ito at hindi na kinailangang sundin, at maraming pagsasagawa ang itinakda na naaangkop sa gawain sa ngayon. Ngayon, ang mga pagsasagawang ito ay hindi mga panuntunan, kundi sa halip ay nilayong magkamit ng mga epekto; angkop ang mga ito para ngayon—bukas, marahil ay magiging mga panuntunan ang mga ito. Sa kabuuan, dapat mong sundin yaong mabunga para sa gawain ngayon. Huwag mong pansinin ang kinabukasan: Ang ginagawa ngayon ay para sa kapakanan ng ngayon. Kapag dumating siguro ang kinabukasan, magkakaroon ng mas mabubuting pagsasagawa na kakailanganin mong isakatuparan—ngunit huwag mong gaanong pansinin iyan. Sa halip, sundin yaong dapat sundin ngayon upang maiwasang kontrahin ang Diyos. Ngayon, wala nang mas mahalagang sundin ang tao kaysa sa mga sumusunod: Hindi mo dapat tangkaing manuyo sa Diyos na nakatayo sa iyong harapan, o magtago ng anuman sa Kanya. Huwag kang bumigkas ng karumihan o ng mayabang na pananalita sa harap ng Diyos na nasa iyong harapan. Huwag mong linlangin ang Diyos na nasa iyong harapan sa matatamis na salita at mabulaklak na mga pananalita upang makamit ang Kanyang tiwala. Huwag kang kumilos nang walang pagpipitagan sa harap ng Diyos. Sundin mo ang lahat ng lumalabas mula sa bibig ng Diyos, at huwag labanan, kontrahin, o tutulan ang Kanyang mga salita. Huwag mong ipakahulugan ayon sa inaakala mong angkop ang mga salitang nagmumula sa bibig ng Diyos. Dapat mong ingatan ang iyong pananalita upang maiwasan mong mahulog sa bitag ng mapanlinlang na mga pakana ng masasama. Dapat mong ingatan ang iyong mga paghakbang upang maiwasang labagin ang mga hangganang itinakda ng Diyos para sa iyo. Kung lumabag ka, magiging dahilan ito upang tumayo ka sa posisyon ng Diyos at magsalita ng mga salitang mapagmataas at mapagmalaki, at sa gayon ay kamumuhian ka ng Diyos. Huwag mong ipalaganap nang walang ingat ang mga salitang nagmumula sa bibig ng Diyos, at baka kutyain ka ng iba at gawin kang tanga ng mga diyablo. Sundin mo ang buong gawain ng Diyos ng ngayon. Kahit hindi mo ito nauunawaan, huwag mo itong husgahan; ang tanging magagawa mo ay

maghanap at makibahagi. Walang taong lalabag sa orihinal na lugar ng Diyos. Wala ka nang ibang magagawa kundi paglingkuran ang Diyos ng ngayon mula sa posisyon ng tao. Hindi mo maaaring turuan ang Diyos ng ngayon mula sa posisyon ng tao—hindi tamang gawin iyon. Walang sinumang maaaring pumalit sa lugar ng taong pinatotohanan ng Diyos; sa iyong mga salita, kilos, at saloobin, nakatayo ka sa posisyon ng tao. Dapat itong sundin, responsibilidad ito ng tao, walang sinuman na maaaring magbago rito; ang pagtatangkang gawin iyon ay lalabag sa mga atas administratibo. Dapat itong tandaan ng lahat.

Hinango mula sa "Ang mga Kautusan ng Bagong Kapanahunan" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Madalas sinasabi ng mga tao na may mga atas administratibo ang Diyos, at na ginagamit Niya ang mga atas na ito upang parusahan ang mga tao at pigilan sila kung sila ay masuwayin. Ang mga salitang "mga atas administratibo" ay madalas na nasa kanilang mga labi—ngunit hindi talaga nila naiintindihan kung ano ang totoong kahulugan ng mga ito. Ano nga ba ang mga atas administratibo? Ang mga ito ay isang pangkat ng mga salita na ipinahayag ng Diyos na tumatalakay sa kalikasan at tiwaling disposisyon ng tao, upang mapanatiling nasa wasto ang kanyang pag-uugali. Ang mga atas administratibo ay hindi mga batas ni Jehova o isang sistemang legal, mas lalong hindi maihahambing ang mga ito sa mga konstitusyon ng mundo ng tao. Ang mga ito ay isang pangkat ng mga kondisyong itinakda ng Diyos na ang layon ay mapanatiling nasa wasto ang pag-uugali ng tao. Kabilang sa mga ito ang kung paano matakot sa Diyos, paano sumamba sa Diyos, paano sumunod sa Diyos, paano kumilos bilang nilikha, paano kumilos bilang tao, paano magpatotoo sa Diyos, at paano hindi magdala ng kahihiyan sa pangalan ng Diyos. Sinasabi ng ilang tao, "Nakagagawa ng mga bagay ang Espiritu ng Diyos. Kaya Niyang magparusa ng mga tao, at suklian ang bawat tao ng kabaitan. Nandiyan din ang katotohanan, na gumagabay sa lahat ng tao. Bakit kailangan pa na may mga atas administratibo?" Ang katotohanan ay may

kaugnayan sa pagpasok sa buhay ng mga tao; may kinalaman ito sa tiyak na estado ng kanilang mga tiwaling disposisyon. Ang mga atas administratibo ay malinaw na itinakdang mga kasunduan. Anuman ang iyong kalagayan, anumang uri ng tao ka, kung naniniwala ka sa Diyos, kailangan mong isagawa ang lahat ng itinatakda ng mga atas administratibo–at kung hindi mo kaya, ang iyong pangalan ay tatanggalin, at, sa mata ng Diyos, ikaw ay magiging isang taong kamumuhian at tatanggihan. Ang mga atas administratibo, sa katotohanan, ay ang pinakamababang kinakailangan sa tao upang maniwala sa Diyos, katulad noong Kapanahunan ng Kautusan, may mga tiyak na ginawa si Jehova, nangusap ng maraming salita, at nagpahayag ng napakaraming batas, at likas na kabilang sa mga batas na iyon ang marami sa mga dapat gawin ng tao: kung paano sila dapat matakot kay Jehova, halimbawa, o kung paano gumawa ng mga alay kay Jehova, magbayad ng ikapu, magbigay ng donasyon. Noong panahong iyon, ang mga iyon ay tinawag na mga batas, at sa Kapanahunan ng Biyaya, ang mga iyon ay tinawag nang mga utos.

Ang mga utos ng Kapanahunan ng Biyaya ay hindi maaaring magsilbi bilang mga atas administratibo ngayon, dahil magkakaiba ang kinakailangang gawin ng tao sa bawat kapanahunan. Bawat kapanahunan ay may mga utos, at bawat kapanahunan ay mayroong kinakailangan at pamantayan ng Diyos para sa tao, pamantayan na nag-iiba ayon sa mga pagbabago sa kapanahunan at sa kinakailangan ng gawain ng Diyos. … Ngayon, nagpalabas ang Diyos ng mga atas administratibo na angkop sa kalagayan at mga pangangailangan ng tao. Tanong ng ilang tao, “Bakit naglabas pa ng karagdagang mga atas administratibo? Isang beses na iyang nagawa, at alam ito ng mga tao at ginagawa nila ang hinihingi sa kanila. Iyon na dapat ang katapusan nito. Bakit patuloy pang naglalabas ng mga bago?” Sa pagiging tiwali ng mga tao sa ngayon, ayos na bang hindi maglabas ng mga atas administratibo? Lahat ng mga tao ay may tiwaling disposisyon at pinamamahalaan ng kanilang kalikasan; hindi naman ito kaso kung saan sa sandaling tanggapin nila ang gawain ng Diyos at masunod ang mga utos ay magiging banal at matuwid na sila. Hindi iyon

gumagana nang ganoon. Palaging nabubuhay ang mga tao sa gitna ng kanilang mga tiwaling disposisyon, kaya naman palaging may pangangailangan sa kaukulang mga atas administratibo upang mapanatiling wasto ang kanilang pag-uugali. Kung tunay na sinusuway ng mga tao ang mga atas administratibong ito, maaari silang madisiplina, o malagyan ng limitasyon, o paalisin at itiwalag. Posible ang anumang uri ng kahihinatnan.

Hinango mula sa "Isang Panayam Tungkol sa mga Atas Administratibo ng Diyos sa Kapanahunan ng Kaharian" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ang susi sa pagsunod sa mga kautusan ay ang pagkakaroon ng pagkaunawa sa praktikal na Diyos. Kapag nagkaroon ka na ng pagkaunawa sa praktikal na Diyos, magagawa mo nang sundin ang mga kautusan. May dalawang bahagi ang pagsunod sa mga ito: Ang isa ay pagkapit sa diwa ng Kanyang Espiritu, at sa harap ng Espiritu, pagtanggap sa pagsusuri ng Espiritu; ang isa pa ay pagkakaroon ng tunay na pagkaunawa sa nagkatawang-taong laman, at tunay na pagpapasakop. Sa harap man ng katawang-tao o sa harap ng Espiritu, kailangang palaging magpasakop at magpitagan ang isang tao sa Diyos. Ganitong tao lamang ang karapat-dapat na gawing perpekto. Kung mayroon kang pagkaunawa sa pagiging praktikal ng praktikal na Diyos—ibig sabihin, kung nakapanindigan ka na sa pagsubok na ito—walang anumang magiging mahirap para sa iyo.

Sabi ng ilang tao, "Madaling sundin ang mga kautusan; kailangan mo lamang magsalita nang deretsahan at tapat sa harap ng Diyos, at huwag kang magkukumpas; ito ang ibig sabihin ng sundin ang mga kautusan." Tama ba iyon? Kaya, kung gagawa ka ng ilang bagay habang nakatalikod ang Diyos na laban sa Kanya, maituturing bang pagsunod iyon sa mga kautusan? Kailangan mong maunawaan nang lubusan kung ano ang kailangan sa pagsunod sa mga kautusan. May kaugnayan ito sa kung mayroon o wala kang tunay na pagkaunawa sa pagiging praktikal ng Diyos; kung mayroon kang pagkaunawa sa pagiging praktikal at hindi ka

nadarapa at nahuhulog habang nagdaraan sa pagsubok na ito, maituturing kang nagtataglay ng matatag na patotoo. Ang pagbabahagi ng isang matunog na patotoo para sa Diyos una sa lahat ay may kaugnayan sa kung mayroon o wala kang pagkaunawa sa praktikal na Diyos, at kung nagagawa mong magpasakop o hindi sa harap ng taong ito na hindi lamang karaniwan, kundi normal, at magpasakop kahit hanggang kamatayan. Kung ikaw, sa pamamagitan ng pagpapasakop na ito, ay tunay na nagpapatotoo para sa Diyos, ibig sabihin niyan ay naangkin ka ng Diyos. Kung makakapagpasakop ka hanggang kamatayan, at sa Kanyang harapan, wala ka nang mga reklamo, hindi ka nanghuhusga, hindi ka naninirang-puri, wala kang anumang mga pagkaintindi, at wala kang anumang mga lihim na motibo, sa ganitong paraan ay magtatamo ng kaluwalhatian ang Diyos. Ang pagpapasakop sa harap ng isang karaniwang tao na hinahamak ng tao, at nagagawang magpasakop hanggang kamatayan nang walang anumang mga pagkaintindi—ito ay tunay na patotoo.

Hinango mula sa “Yaong mga Tunay na Nagmamahal sa Diyos ay Yaong mga Talagang Nagpapasakop sa Kanyang Pagiging Praktikal” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa pagsasagawa, ang pagsunod sa mga kautusan ay dapat iugnay sa pagsasagawa ng katotohanan. Habang sumusunod sa mga kautusan, kailangang isagawa ng tao ang katotohanan. Kapag nagsasagawa ng katotohanan, hindi dapat labagin ng tao ang mga prinsipyo ng mga kautusan, ni salungatin ang mga kautusan; kailangan mong gawin ang anumang ipinagagawa sa iyo ng Diyos. Ang pagsunod sa mga kautusan at pagsasagawa ng katotohanan ay magkaugnay, hindi magkasalungat. Kapag lalo mong isinasagawa ang katotohanan, lalo kang nagkakaroon ng kakayahang sundin ang diwa ng mga kautusan. Kapag lalo mong isinasagawa ang katotohanan, lalo mong mauunawaan ang salita ng Diyos ayon sa ipinahayag sa mga kautusan. Ang pagsasagawa ng katotohanan at pagsunod sa mga kautusan ay hindi magkasalungat na mga kilos—magkaugnay ang mga ito. Sa simula, matapos sundin ng tao ang mga

kautusan, saka lamang niya maaaring isagawa ang katotohanan at makamit ang kaliwanagan mula sa Banal na Espiritu, ngunit hindi ito ang orihinal na layon ng Diyos. Hinihiling ng Diyos na ituon mo ang puso mo sa pagsamba sa Kanya, hindi lamang pagkilos nang maayos. Gayunman, kailangan mong sundin ang mga kautusan kahit paimbabaw lamang. Unti-unti, sa pamamagitan ng karanasan, matapos magtamo ng mas malinaw na pagkaunawa sa Diyos, titigil ang mga tao sa pagsuway at paglaban sa Kanya, at hindi na magkakaroon ng anumang mga pagdududa tungkol sa Kanyang gawain. Ito lamang ang paraan para makasunod ang mga tao sa diwa ng mga kautusan. Samakatuwid, ang pagsunod lamang sa mga kautusan, nang hindi isinasagawa ang katotohanan, ay hindi epektibo, at hindi bumubuo ng tunay na pagsamba sa Diyos, sapagkat hindi ka pa nagtatamo ng tunay na tayog. Ang pagsunod sa mga kautusan nang wala ang katotohanan ay katumbas lamang ng pagsunod nang mahigpit sa mga panuntunan. Sa paggawa nito, ang mga kautusan ay magiging batas mo, na hindi makakatulong sa iyo na lumago sa buhay. Bagkus, magiging pasanin mo ang mga ito, at igagapos ka nang mahigpit gaya ng mga kautusan ng Lumang Tipan, na magiging dahilan upang mawala sa iyo ang presensya ng Banal na Espiritu. Samakatuwid, sa pagsasagawa lamang ng katotohanan mo epektibong masusunod ang mga kautusan, at sinusunod mo ang mga kautusan upang isagawa ang katotohanan. Sa proseso ng pagsunod sa mga kautusan, isasagawa mo ang mas maraming katotohanan, at sa pagsasagawa ng katotohanan, magtatamo ka ng mas malalim na pag-unawa sa tunay na kahulugan ng mga kautusan. Ang layunin at kahulugan sa likod ng kahilingan ng Diyos na sundin ng tao ang mga kautusan ay hindi lamang para pasunurin siya sa mga panuntunan, na maaari niyang isipin; sa halip, may kinalaman iyon sa kanyang pagpasok sa buhay. Ang lawak ng iyong paglago sa buhay ang nagdidikta sa antas ng kakayahan mong sundin ang mga kautusan. Bagama’t ang mga kautusan ay para sundin ng tao, ang diwa ng mga kautusan ay nagiging malinaw lamang sa pamamagitan ng karanasan sa buhay ng tao. Ipinapalagay ng karamihan sa mga tao na ang maayos na pagsunod sa

mga kautusan ay nangangahulugan na sila ay “handang-handa, at ang kailangan na lamang gawin ay sumunod.” Kalabisan ang ideyang ito, at hindi naaayon sa kalooban ng Diyos. Yaong mga nagsasabi ng gayong mga bagay ay ayaw sumulong, at nag-iimbot sila sa laman. Walang katuturan iyan! Hindi iyan nakaayon sa realidad! Hindi kalooban ng Diyos na isagawa lamang ang katotohanan nang hindi talaga sinusunod ang mga kautusan. Yaong mga gumagawa nito ay mga pilay; tulad sila ng mga taong nawawala ang isang paa. Ang pagsunod lamang sa mga kautusan na parang sumusunod sa mga panuntunan, subalit hindi nagtataglay ng katotohanan—wala rin itong kakayahang palugurin ang kalooban ng Diyos; gaya ng mga taong bulag ang isang mata, ang mga taong gumagawa rin nito ay nagdurusa mula sa isang uri ng kapansanan. Masasabi na kung susundin mo ang mga kautusan nang maayos at magkakamit ka ng malinaw na pagkaunawa sa praktikal na Diyos, tataglayin mo ang katotohanan; kumpara sa iba, magtatamo ka na ng tunay na tayog. Kung isinasagawa mo ang katotohanan na dapat mong isagawa, susundin mo rin ang mga kautusan, at ang dalawang bagay na ito ay hindi magkasalungat. Ang pagsasagawa ng katotohanan at pagsunod sa mga kautusan ay dalawang sistema, na kapwa mahahalagang bahagi ng karanasan sa buhay ng isang tao. Ang karanasan ng isang tao ay dapat buuin ng pagkakaisa, hindi ng pagkakahati, ng pagsunod sa mga kautusan at pagsasagawa ng katotohanan. Gayunman, kapwa may mga pagkakaiba at pagkakaugnay sa pagitan ng dalawang ito.

Hinango mula sa “Pagsunod sa mga Kautusan at Pagsasagawa ng Katotohanan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang matagal na panahong nagugol ng Diyos sa pagsasalita at pagpapahayag ay naging sanhi upang isipin ng tao na gawing pangunahin niyang tungkulin ang pagbabasa at pagsasaulo ng mga salita ng Diyos. Walang sinumang pumapansin sa pagsasagawa, at kahit yaong nararapat ninyong sundin ay hindi ninyo sinusunod. Naghatid ito ng maraming hirap at problema sa inyong paglilingkod. Kung, bago mo isagawa ang mga

salita ng Diyos, hindi mo nasunod yaong dapat mong sundin, isa ka sa mga kinamumuhian at inaayawan ng Diyos. Sa pagsunod sa mga pagsasagawang ito, dapat kang maging masigasig at tapat. Hindi mo dapat ituring ang mga ito na mga gapos, kundi sundin mo ang mga ito bilang mga utos. Ngayon, hindi mo dapat alalahanin kung anong mga epekto ang kailangang makamtan; sa madaling salita, ganito kung kumilos ang Banal na Espiritu, at sino man ang magkasala ay kailangang parusahan. Ang Banal na Espiritu ay walang damdamin, at walang pakialam sa kasalukuyan mong pagkaunawa. Kung nagkasala ka sa Diyos ngayon, parurusahan ka Niya. Kung nagkasala ka sa Kanya sa loob ng saklaw ng Kanyang awtoridad, hindi ka Niya palalagpasin. Wala Siyang pakialam kung gaano ka kaseryoso sa pagsunod mo sa mga salita ni Jesus. Kung lumabag ka sa mga utos ng Diyos ngayon, parurusahan ka Niya, at hahatulan ng kamatayan. Paano naging katanggap-tanggap sa iyo na huwag sundin ang mga ito? Kailangan mong sumunod, kahit nangangahulugan ito ng pagdurusa ng kaunting kirot! Anumang relihiyon, sektor, bansa, o denominasyon, sa hinaharap ay kailangan nilang sumunod na lahat sa mga pagsasagawang ito. Walang sinumang hindi saklaw nito, at walang palalagpasin! Dahil ang mga ito ang gagawin ng Banal na Espiritu ngayon, at walang sinumang maaaring lumabag sa mga ito. Bagama't hindi ito malalaking bagay, kailangang gawin ito ng bawat tao at ito ang mga utos na itinakda ni Jesus, na nabuhay na mag-uli at umakyat sa langit, para sa tao. Hindi ba sinasabi sa "Ang Landas … (7)" na ang pakahulugan ni Jesus kung ikaw ay matuwid o makasalanan ay ayon sa iyong saloobin sa Diyos ngayon? Walang sinumang maaaring hindi pumansin sa puntong ito. Sa Kapanahunan ng Kautusan, sunud-sunod na henerasyon ng mga Fariseo ang naniwala sa Diyos, ngunit sa pagdating ng Kapanahunan ng Biyaya, hindi nila nakilala si Jesus, at kinontra nila Siya. Kaya nga lahat ng ginawa nila ay nawalan ng saysay at nawalan ng kabuluhan, at hindi tinanggap ng Diyos ang kanilang mga gawa. Kung matatalos mo ito, hindi ka madaling magkakasala. Naikumpara na, marahil, ng maraming tao ang kanilang sarili sa Diyos. Ano ang pakiramdam ng

pagkontra sa Diyos? Mapait ba o matamis? Dapat mo itong maunawaan; huwag kang magkunwaring hindi mo alam. Sa kanilang puso, marahil, nananatiling hindi kumbinsido ang ilang tao. Subalit pinapayuhan kita na subukin mo ito at nang makita mo—tingnan mo kung ano ang pakiramdam nito. Pipigilan nito ang maraming tao na palaging maghinala tungkol dito. Maraming taong nagbabasa ng mga salita ng Diyos subalit lihim Siyang kinokontra sa kanilang puso. Matapos Siyang kontrahin nang ganito, hindi mo ba nararamdaman na parang may kutsilyong nakapilipit sa puso mo? Kung hindi ito kawalan ng pagkakaisa sa pamilya, ito ay kawalan ng pisikal na ginhawa, o pagdurusa ng mga anak. Bagama't hindi namatay ang iyong katawan, hindi ka iiwanan ng kamay ng Diyos. Palagay mo ba ganoon lamang iyon kasimple? Lalo na, mas kailangan pa nga ng maraming malapit sa Diyos na magtuon dito. Sa paglipas ng panahon, malilimutan mo ito, at, hindi mo namamalayan, mahuhulog ka sa tukso at hindi mo mapapansin ang lahat, at ito ang magiging simula ng iyong pagkakasala. Mukha bang walang kuwenta ito para sa iyo? Kung kaya mong gawin ito nang maayos, mayroon kang pagkakataon na magawang perpekto—na humarap sa Diyos at tumanggap ng Kanyang patnubay mula sa Kanyang sariling bibig. Kung wala kang ingat, magkakaroon ka ng problema—magiging suwail ka sa Diyos, magiging pasaway ang iyong mga salita at kilos, at sa malao't madali ay matatangay ka ng malalaking unos at malalakas na alon. Dapat tandaan ng bawat isa sa inyo ang mga utos na ito. Kung lalabagin mo ang mga ito, bagama't maaaring hindi ka sumpain ng taong pinatotohanan ng Diyos, hindi pa tapos sa iyo ang Espiritu ng Diyos, hindi ka Niya palalagpasin. Matitiis mo ba ang mga bunga ng iyong pagkakasala? Sa gayon, anuman ang sabihin ng Diyos, kailangan mong isagawa ang Kanyang mga salita, at kailangan mong sundin ang mga ito sa anumang paraang kaya mo. Hindi ito simpleng bagay!

Hinango mula sa "Ang mga Kautusan ng Bagong Kapanahunan" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung hindi mo nauunawaan ang disposisyon ng Diyos, kung gayon ay

magiging imposible para sa iyo na isagawa ang gawain na dapat mong gawin para sa Kanya. Kung hindi mo alam ang diwa ng Diyos, kung gayon ay magiging imposible para sa iyo na magkaroon ng pagpipitagan at takot sa Kanya; sa halip, magkakaroon lamang ng walang-ingat na pagwawalang-bahala at kasinungalingan, at idagdag pa rito ang hindi na maiwawastong kalapastanganan. Bagamat talagang mahalaga ang pag-intindi sa disposisyon ng Diyos, at ang pag-alam sa diwa ng Diyos ay hindi maaaring makaligtaan, walang sinuman kailanman ang lubusang nagsiyasat o nagsaliksik sa mga usaping ito. Malinaw na makikita na iwinaksi na ninyong lahat ang mga atas administratibong inilabas Ko. Kung hindi ninyo naiintindihan ang disposisyon ng Diyos, kung gayon ay malamang na malalabag ninyo ang disposisyon Niya. Ang paglabag sa disposisyon Niya ay katumbas ng pagpukaw sa galit ng Diyos Mismo, at sa ganitong pagkakataon, ang pangwakas na bunga ng mga ikinilos mo ay ang paglabag sa mga atas administratibo. Ngayon dapat mong mapagtanto na kapag nababatid mo ang diwa ng Diyos ay maiintindihan mo rin ang Kanyang disposisyon—at kapag naiintindihan mo ang Kanyang disposisyon, maiintindihan mo rin ang mga atas administratibo. Hindi na kailangan pang sabihin na karamihan sa napapaloob sa mga atas administratibo ay sumasaklaw sa disposisyon ng Diyos, ngunit hindi lahat ng disposisyon Niya ay ipinahayag sa mga atas administratibo; kaya, dapat ninyong pagbutihin pa ang pagpapaunlad ng pagkaunawa ninyo sa disposisyon ng Diyos.

Hinango mula sa “Napakahalagang Maintindihan ang Disposisyon ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang bawat pangungusap na sinabi Ko ay naglalaman sa loob nito ng disposisyon ng Diyos. Makabubuti para sa inyo na pagbulayan ang mga salita Ko nang maigi, at tiyak na makikinabang kayo nang malaki mula sa mga ito. Napakahirap maunawaan ang diwa ng Diyos, ngunit nagtitiwala Akong kayong lahat ay may ilang ideya man lamang tungkol sa disposisyon ng Diyos. Umaasa Ako, kung gayon, na ipakikita ninyo sa Akin

at gagawa ng mas marami ng yaong hindi lumalabag sa disposisyon ng Diyos. Saka Ako mapapanatag. Halimbawa, panatilihin ang Diyos sa puso mo sa lahat ng oras. Kapag kumilos ka, gawin ito ayon sa mga salita Niya. Hanapin ang mga layunin Niya sa lahat ng bagay, at magpigil sa paggawa ng hindi gumagalang at nagpapahiya sa Diyos. Lalong hindi mo dapat ilagay ang Diyos sa likod ng isip mo upang punan ang panghinaharap na kahungkagan sa puso mo. Kung gagawin mo ito, malalabag mo ang disposisyon ng Diyos. Muli, ipinapalagay na hindi ka kailanman gumawa ng lapastangang mga pahayag o mga reklamo laban sa Diyos sa buong buhay mo, at muli, ipinapalagay na nagagawa mong gampanan nang wasto ang lahat ng ipinagkatiwala Niya sa iyo at nagpapasakop din sa lahat ng mga salita Niya sa buong buhay mo, kung gayon ay naiwasan mong lumabag laban sa mga atas administratibo. Halimbawa, kung nasabi mong, “Bakit ko iniisip na hindi Siya ang Diyos?” “Sa tingin ko ang mga salitang ito ay wala nang iba pa kundi ilang kaliwanagan ng Banal na Espiritu,” “Sa palagay ko, hindi lahat ng ginagawa ng Diyos ay kinakailangang tama,” “Hindi higit ng sa akin ang katauhan ng Diyos,” “Ang mga salita ng Diyos ay talagang hindi kapani-paniwala,” o iba pang mga mapanghusgang pahayag, kung gayon ay hinihimok Kong mangumpisal at magsisi ka sa iyong mga kasalanan nang mas madalas. Kung hindi, hindi ka kailanman magkakaroon ng pagkakataong mapatawad, dahil hindi ka nagkakasala sa tao, kundi sa Diyos Mismo. Maaaring naniniwala kang ang hinuhusgahan mo ay isang tao, ngunit hindi ito itinuturing ng Espiritu ng Diyos sa ganiyang paraan. Ang kawalang-galang mo sa katawang-tao Niya ay katumbas ng kawalang-galang sa Kanya. Alinsunod dito, hindi ka ba lumabag sa disposisyon ng Diyos? Dapat mong tandaang ang lahat ng ginawa ng Espiritu ng Diyos ay ginagawa upang ingatan ang gawain Niya sa katawang-tao at upang ang gawaing ito ay magawa nang mahusay. Kung makakaligtaan mo ito, kung gayon ay sinasabi Ko sa iyong isa kang taong hindi kailanman magtagumpay sa paniniwala sa Diyos. Dahil pinukaw mo ang poot ng Diyos, at kaya gagamit Siya ng nababagay na kaparusahan upang turuan ka ng aral.

Ang malaman ang diwa ng Diyos ay hindi biru-birong bagay. Dapat mong maunawaan ang disposisyon Niya. Sa ganitong paraan, unti-unti at hindi mo namamalayan na nalalaman mo na ang diwa ng Diyos. Kapag nakapasok ka sa ganitong kaaalaman, matatagpuan mo ang sarili mong tumatapak sa mas mataas at mas magandang kalagayan. Sa huli, makararamdam ka ng hiya sa nakapanghihilakbot mong kaluluwa, at, bukod dito, ay mararamdaman mong hindi ka na makakapagtago kahit saan pa man mula sa iyong kahihiyan. Sa panahong iyon, mababawasan nang mababawasan ang mga ginagawa mong lumalabag sa disposisyon ng Diyos, lalapit at lalapit sa Diyos ang puso mo, at ang pagmamahal sa Kanya ay unti-unting lalago sa puso mo. Isa itong tanda ng pagpasok ng sangkatauhan sa isang magandang kalagayan. Ngunit hanggang ngayon, hindi pa ninyo natatamo ito. Habang nagmamadali kayong lahat para sa kapakanan ng tadhana ninyo, sino ang mayroong anumang interes na sumubok na alamin ang diwa ng Diyos? Kung magpapatuloy ito, makalalabag kayo nang hindi ninyo namamalayan laban sa mga atas administratibo, dahil lubhang napakakakaunti ng naiintindihan ninyo sa disposisyon ng Diyos. Kaya hindi ba ang ginagawa ninyo ngayon ay paglalatag ng saligan para sa mga paglabag ninyo laban sa disposisyon ng Diyos? Ang paghingi Ko sa inyo na unawain ang disposisyon ng Diyos ay hindi taliwas sa gawain Ko. Dahil kung lumalabag kayo nang madalas sa mga atas administratibo, sino sa inyo ang makatatakas sa kaparusahan? Ang gawain Ko ba kung gayon ay hindi naging lubusang walang katuturan? Samakatuwid, hinihiling Ko pa rin, bilang karagdagan sa pagsusuring mabuti sa sarili ninyong asal, na maging maingat sa mga hakbang na tinatahak ninyo. Ito ang mas malaking hihingin Ko sa inyo, at umaasa Akong maingat ninyong isasaalang-alang ito at bibigyan ito ng maalab ninyong pagturing. Kung darating man ang araw na pupukawin ng mga kilos ninyo ang Aking masidhing galit, kung gayon ay kayo lamang ang magsasaalang-alang ng mga kahihinatnan, at wala nang iba pang hahalili sa pagbabata ng kaparusahan ninyo.

Hinango mula sa “Napakahalagang Maintindihan ang Disposisyon ng Diyos” sa Ang Salita ay

Ang bawat tao, sa pamumuhay niya sa buhay ng pananampalataya sa Diyos, ay nakagawa ng mga bagay na lumalaban at nanlilinlang sa Diyos. Hindi kailangang itala bilang pagkakasala ang ilang mga maling gawa, ngunit walang kapatawaran ang ilan; sapagkat maraming gawa ang lumalabag sa mga atas administratibo, na nagkakasala sa disposisyon ng Diyos. Marami sa mga nababahala sa kanilang sariling mga kapalaran ang maaaring magtanong kung anu-ano ang mga gawang ito. Dapat ninyong malamang likas kayong mga mapagmataas at mayayabang, at ayaw magpasakop sa mga katotohanan. Sa dahilang ito, sasabihin Ko sa inyo nang paunti-unti matapos kayong magmuni-muni sa mga sarili ninyo. Hinihimok Ko kayong magkaroon ng mas mahusay na pag-unawa sa nilalaman ng mga atas administratibo, at magsikap alamin ang disposisyon ng Diyos. Kung hindi, mahihirapan kayong panatilihing tikom ang mga labi ninyo, malayang mamamagaypay ng magarbong pananalita ang mga dila ninyo, at hindi sinasadyang magkakasala kayo sa disposisyon ng Diyos at mahuhulog sa kadiliman, na mawawalan ng presensiya ng Banal na Espiritu at ng liwanag. Sapagkat wala kayong prinsipyo sa mga kilos ninyo, sapagkat ginagawa at sinasabi mo ang hindi dapat, tatanggap ka ng naaangkop na ganti. Dapat mong malamang kahit wala kang prinsipyo sa salita at gawa, lubhang maprinsipyo ang Diyos sa dalawang bagay na ito. Pagkakasala sa Diyos, hindi sa isang tao, ang dahilan ng pagkakatanggap mo ng ganti. Kung sa buhay mo marami kang mga pagkakasala sa disposisyon ng Diyos, papunta ka sa pagiging anak ng impiyerno. Para sa tao, maaaring lumitaw na gumawa ka lamang ng iilang mga gawang salungat sa katotohanan, at wala nang iba. Alam mo ba, gayunpaman, na sa mga mata ng Diyos ay isa ka nang taong wala nang nauukol na handog para sa kasalanan? Sapagkat nilabag mo ang mga atas administratibo ng Diyos nang higit sa isang beses at, bukod dito, walang ipinakitang tanda ng pagsisisi, wala nang ibang paraan kundi malublob ka sa impiyerno, kung saan pinarurusahan ng Diyos ang tao. Gumawa ang isang maliit na bilang

ng mga tao ng mga gawang lumabag sa mga prinsipyo, habang sumusunod sa Diyos, ngunit matapos silang mapakitunguhan at mabigyan ng gabay, unti-unti nilang natuklasan ang sarili nilang katiwalian, at matapos nito pumasok sa tamang landas ng realidad, at nananatili silang may matatag na saligan hanggang ngayon. Ang ganitong mga tao yaong mga mananatili hanggang sa huli. Gayunpaman, ang mga tapat ang hinahanap Ko; kung isa kang tapat na tao at isang taong kumikilos ayon sa prinsipyo, maaari kang maging pinagkakatiwalaan ng Diyos. Kung sa mga ikinikilos mo ay hindi ka nagkakasala sa disposisyon ng Diyos, at hinahanap mo ang kalooban ng Diyos, at may pusong gumagalang sa Diyos, kung gayo'y abot sa pamantayan ang pananampalataya mo. Sinumang hindi gumagalang sa Diyos at walang pusong nanginginig sa takot ay malamang lalabag sa mga atas administratibo ng Diyos. Maraming naglilingkod sa Diyos sa lakas ng silakbo ng damdamin nila ngunit walang pagkaunawa sa mga atas administratibo ng Diyos, at lalong walang sapantaha tungkol sa mga kahihinatnan ng mga salita Niya. Kaya naman, sa kanilang mabubuting mga layon, madalas silang nakagagawa ng mga bagay na gumagambala sa pamamahala ng Diyos. Sa mga malalang kalagayan, itinatapon sila, pinagkakaitan ng anumang karagdagang pagkakataong sumunod sa Kanya, at itataboy sa impiyerno, at tapos na ang lahat ng pakikisama sa tahanan ng Diyos. Gumagawa ang mga taong ito sa tahanan ng Diyos sa lakas ng mangmang na mabubuting layon nila, at nagtatapos sa pagpapagalit sa disposisyon ng Diyos. Dinadala ng mga tao sa tahanan ng Diyos ang mga paraan nila ng paglilingkod sa mga opisyal at mga panginoon at sinusubukang gamitin ang mga ito, iniisip nang may kahambugan na madaling magagamit ang mga ito dito. Hindi nila kailanman naipagpalagay na walang disposisyon ng tupa ang Diyos, kundi ng isang leon. Samakatuwid, yaong mga nakikisama sa Diyos sa unang pagkakataon ay walang kakayahang makipagtalastasan sa Kanya, sapagkat hindi tulad ng sa tao ang puso ng Diyos. Pagkatapos mo lamang maunawaan ang maraming mga katotohanan atsaka mo patuloy na makikilala ang Diyos. Hindi binubuo ng mga salita at mga doktrina ang

kaalamang ito ngunit magagamit bilang kayamanan na sa pamamagitan nito makapapasok ka sa malapit na pagtitiwala ng Diyos, at bilang katibayang nalulugod Siya sa iyo. Kung kulang ka sa realidad ng kaalaman at hindi naaarmasan ng katotohanan, ang maalab mong paglilingkod ay magdadala lamang sa iyo ng pagkamuhi at pagkapoot ng Diyos. Sa ngayon dapat alam mo na hindi tulad ng pag-aaral ng teolohiya ang paniniwala sa Diyos!

Hinango mula sa “Tatlong Paalaala” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

161. Ang mga Prinsipyo ng Pagsunod sa Taong Ginamit ng Banal na Espiritu

(1) Sa lahat ng gawain ng iglesia at lahat ng usapin nito, ganap na sumang-ayon sa taong ginamit ng Banal na Espiritu; huwag mag-alinlangan sa kanila. Ito ang administratibong pagsasaayos ng Diyos;

(2) Kinakailangang tanggapin at magpasakop sa pamumuno, pagdidilig, at pagpapastol ng taong ginamit ng Banal na Espiritu, at gampanan ang iyong tungkulin nang may mahigpit na pagsunod sa mga gawaing pagsasaayos. Tanging sa ganito lamang masisiyahan ang Diyos;

(3) Tanggapin na ang pamumuno ng taong ginamit ng Banal na Espiritu ay ang tunay na daan kung saan gumagawa ang Banal na espiritu at inaakay ang mga hinirang na tao ng Diyos. Ang paggawa nito ay pagtahak sa tamang landas ng pananampalataya sa Diyos.

(4) Hindi dapat kailanman halinhan ng tao ang lugar ng Diyos sa kanilang puso sa pamamagitan ng pagsamba at paghanga sa taong ginamit ng Banal na Espiritu. Sa pananampalataya sa Diyos, Siya lang ang dapat mong itaas bilang dakila, at magpasakop sa Kanyang mga administratibong pagsasaayos.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Walang sinuman ang may kakayahang mamuhay nang mag-isa maliban sa kanila na binigyan ng natatanging tagubilin at paggabay ng Banal na Espiritu, sapagkat kinakailangan nila ang ministeryo at

pagpapastol nilang mga ginamit ng Diyos. Kaya, sa bawat kapanahunan nagbabangon ang Diyos ng iba't ibang tao na abalang nagmamadali sa pagpapastol sa mga iglesia para sa kapakanan ng Kanyang gawain. Na ang ibig sabihin, ang gawain ng Diyos ay dapat gampanan sa pamamagitan nilang Kanyang kinalulugdan at sinasang-ayunan; dapat gamitin ng Banal na Espiritu ang bahagi sa loob nila na karapat-dapat gamitin para makagawa ang Banal na Espiritu, at ginawa silang angkop para gamitin ng Diyos sa pamamagitan ng pagperpekto sa kanila ng Banal na Espiritu. Sapagkat ang kakayahan ng tao na makaunawa ay labis na kapos, dapat siyang maipastol ng mga taong kinakasangkapan ng Diyos; kagaya ito ng paggamit ng Diyos kay Moises, kung kanino Siya nakatagpo ng marami na angkop sa paggamit noong panahong iyon, at na Kanyang ginamit upang gampanan ang gawain ng Diyos sa yugtong iyon. Sa yugtong ito, ginagamit ng Diyos ang isang tao habang sinasamantala ang bahagi niya na maaaring gamitin ng Banal na Espiritu para makagawa, at ang Banal na Espiritu ay ginagabayan siya at kasabay nito'y ginagawang perpekto ang natitirang bahagi na hindi magagamit.

Ang gawain na ginagampanan niyang ginagamit ng Diyos ay ang makipagtulungan sa gawain ni Cristo o ng Banal na Espiritu. Ang taong ito ay itinataas ng Diyos sa gitna ng mga tao, siya ay naroon upang pangunahan ang lahat ng hinirang ng Diyos, at siya ay itinataas din ng Diyos upang gampanan ang gawain ng pagtutulungan ng tao. Kasama ang isang gaya nito, na nagagawang gampanan ang pagtutulungan ng tao, mas marami pa sa mga kinakailangan ng Diyos mula sa tao at sa gawaing kailangang gampanan ng Banal na Espiritu sa gitna ng tao ay matatamo sa pamamagitan niya. Ang isa pang paraan ng pagsasabi nito ay kagaya nito: Ang layunin ng Diyos sa paggamit sa taong ito ay upang lalong maunawaan ng lahat yaong mga sumusunod sa Diyos ang kalooban ng Diyos, at makamit ang higit pa sa mga kinakailangan ng Diyos. Sapagkat ang mga tao ay walang kakayahan na tuwirang maunawaan ang mga salita ng Diyos o ang kalooban ng Diyos, itinaas ng Diyos ang isang tao na sanay nang gumanap sa gayong gawain. Ang taong ito na ginagamit ng Diyos ay

maaari ring ilarawan bilang isang paraan kung saan ginagabayan ng Diyos ang mga tao, o bilang “tagasalin” na nakikipagtalastasan sa pagitan ng Diyos at ng tao. Kaya’t ang gayong tao ay hindi kagaya ninuman sa kanila na gumagawa sa sambahayan ng Diyos o na Kanyang mga apostol. Kagaya nila, maaaring sabihin na siya ay naglilingkod sa Diyos, ngunit sa diwa ng kanyang gawain at sa likod ng paggamit sa kanya ng Diyos ay malaki ang pagkakaiba niya mula sa ibang mga manggagawa at mga apostol. Kung ang pag-uusapan ay ang diwa ng kanyang gawain at ang nasa likod ng paggamit sa kanya, ang tao na ginagamit ng Diyos ay itinataas Niya, inihahanda ng Diyos para sa gawain ng Diyos, at siya ay nakikipagtulungan sa gawain ng Diyos Mismo. Walang sinumang tao ang maaaring gumawa ng kanyang gawain para sa kanya—ito ay pakikipagtulungan ng tao na kailangang-kailangang kaagapay ng banal na gawain. Samantala, ang gawaing ginagampanan ng ibang mga manggagawa o mga apostol ay paghahatid at pagsasakatuparan lamang ng maraming aspeto ng mga pagsasaayos para sa mga iglesia sa bawat panahon, o kaya nama’y gawain ng ilang payak na pantustos ng buhay upang mapanatili ang buhay-iglesia. Ang mga manggagawa at mga apostol na ito ay hindi hinirang ng Diyos, lalong hindi sila matatawag na mga ginagamit ng Banal na Espiritu. Sila ay pinipili mula sa mga iglesia at, pagkatapos silang sanayin at linangin sa loob ng ilang panahon, silang mga angkop ay pinananatili, habang iyong mga hindi angkop ay pinababalik kung saan sila nanggaling. Sapagkat ang mga taong ito ay pinili mula sa mga iglesia, ipinakikita ng ilan ang kanilang totoong mga kulay pagkatapos maging mga pinuno, at ang ilan ay gumagawa pa nga ng maraming masasamang bagay at naaalis sa bandang huli. Ang taong ginagamit ng Diyos, sa kabilang dako, ay siyang inihanda ng Diyos, at siyang nagtataglay ng partikular na kakayahan, at mayroong pagkatao. Maaga siyang naihanda at nagawang perpekto ng Banal na Espiritu, at ganap na pinangunahan ng Banal na Espiritu, at, lalo na pagdating sa kanyang gawain, siya ay tinagubilinan at inutusan ng Banal na Espiritu—bilang resulta, walang paglihis sa landas ng pangunguna sa mga hinirang

ng Diyos, sapagkat tiyak na pananagutan ng Diyos ang Kanyang sariling gawain, at ginagawa ng Diyos ang Kanyang sariling gawain sa lahat ng pagkakataon.

Hinango mula sa “Tungkol sa Pagkasangkapan ng Diyos sa Tao” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

7. Sa gawain at mga usapin ng iglesia, bukod pa sa pagsunod sa Diyos, dapat mong sundin ang mga tagubilin ng tao na ginagamit ng Banal na Espiritu sa lahat ng bagay. Kahit ang pinakamaliit na pagsuway ay hindi katanggap-tanggap. Kailangan mong maging ganap sa iyong pagsunod, at huwag mong suriin ang tama o mali; anuman ang tama o mali ay walang kinalaman sa iyo. Ganap na pagsunod lamang ang iyong dapat alalahanin.

8. Ang mga taong nananalig sa Diyos ay dapat sumunod sa Diyos at sumamba sa Kanya. Huwag mong dakilain o tingalain ang sinumang tao; huwag mong unahin ang Diyos, ipangalawa ang mga tao na iyong tinitingala, at ipangatlo ang iyong sarili. Walang sinumang dapat magkaroon ng lugar sa iyong puso, at hindi mo dapat isaalang-alang ang mga tao—lalo na ang iyong mga iginagalang—na kapareho ng Diyos, na Kanyang kapantay. Hindi ito katanggap-tanggap para sa Diyos.

Hinango mula sa “Ang Sampung Atas Administratibo na Dapat Sundin ng Hinirang na Bayan ng Diyos sa Kapanahunan ng Kaharian” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kailangang maging tapat ang mga tao sa maraming tungkuling dapat nilang gampanan. Ito ang dapat sundin ng mga tao, at ito ang kailangan nilang isakatuparan. Hayaang gawin ng Banal na Espiritu ang kailangang gawin ng Banal na Espiritu; hindi maaaring makialam ang tao rito. Dapat maging tapat ang tao sa nararapat gawin ng tao, na walang kaugnayan sa Banal na Espiritu. Ito ay walang iba kundi yaong nararapat gawin ng tao, at dapat sundin bilang isang utos, katulad ng pagsunod sa kautusan sa Lumang Tipan. Bagama’t hindi Kapanahunan ng Kautusan ngayon, marami pa ring mga salitang dapat sundin na kauri ng mga salitang sinambit sa Kapanahunan ng Kautusan. Ang mga salitang ito ay hindi isinasakatuparan sa pamamagitan lamang ng pag-asa sa pag-antig ng Banal na Espiritu,

kundi sa halip, ang mga ito ay dapat sundin ng tao. Halimbawa: Huwag ninyong husgahan ang gawain ng praktikal na Diyos. Huwag ninyong kontrahin ang taong pinatotohanan ng Diyos. Sa harap ng Diyos, tumayo kayo sa inyong lugar at huwag maging pasaway. Dapat kayong maging mahinahon sa pagsasalita, at ang inyong mga salita at kilos ay kailangang sumunod sa mga plano ng taong pinatotohanan ng Diyos. Dapat kayong magpitagan sa patotoo ng Diyos. Huwag ninyong balewalain ang gawain ng Diyos at ang mga salitang nagmumula sa Kanyang bibig. Huwag ninyong gayahin ang tono at mga layunin ng mga pahayag ng Diyos. Sa inyong mga kilos, huwag kayong gumawa ng anuman na hayagang kumokontra sa taong pinatotohanan ng Diyos. At iba pa. Ito ang mga bagay na dapat sundin ng bawat tao. …

… Walang sinumang maaaring pumalit sa lugar ng taong pinatotohanan ng Diyos; sa iyong mga salita, kilos, at saloobin, nakatayo ka sa posisyon ng tao. Dapat itong sundin, responsibilidad ito ng tao, walang sinuman na maaaring magbago rito; ang pagtatangkang gawin iyon ay lalabag sa mga atas administratibo. Dapat itong tandaan ng lahat.

Hinango mula sa “Ang mga Kautusan ng Bagong Kapanahunan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang salita ng Diyos ay hindi maaaring ituring na salita ng tao, at lalong hindi maaaring ituring ang salita ng tao na salita ng Diyos. Ang isang taong kinakasangkapan ng Diyos ay hindi ang Diyos na nagkatawang-tao, at ang Diyos na nagkatawang-tao ay hindi ang taong kinakasangkapan ng Diyos. Dito, mayroong malaking pagkakaiba. Marahil, matapos basahin ang mga salitang ito, hindi mo tinatanggap ang mga iyon bilang mga salita ng Diyos, kundi bilang kaliwanagan lamang na natamo ng tao. Kung gayon, binubulag ka ng kamangmangan. Paano magiging kapareho ng kaliwanagang natamo ng tao ang mga salita ng Diyos? Ang mga salita ng Diyos na nagkatawang-tao ay nagpapasimula ng isang bagong kapanahunan, ginagabayan ang buong sangkatauhan, naghahayag ng mga hiwaga, at ipinapakita sa tao ang direksyong dapat niyang sundan sa

bagong kapanahunan. Ang kaliwanagang natamo ng tao ay simpleng tagubilin lamang na isasagawa o para sa kaalaman. Hindi nito magagabayan ang buong sangkatauhan sa isang bagong kapanahunan o maihahayag ang mga hiwaga ng Diyos Mismo. Pagkatapos ng lahat, ang Diyos ay Diyos, at ang tao ay tao. Ang Diyos ay may diwa ng Diyos, at ang tao ay may diwa ng tao.

Hinango mula sa Paunang Salita sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang likas na kalikasan ng tao ay hindi kayang direktang kumatawan sa Diyos; kailangang alisin ng tao ang katutubong kalikasan niya sa pamamagitan ng pagperpekto ng Diyos at saka lamang—sa pamamagitan lamang ng pagmamalasakit sa kalooban ng Diyos, pagtupad sa mga layunin ng Diyos at higit pa rito ay pagpapasailalim sa gawain ng Banal na Espiritu—na masasang-ayunan ng Diyos ang kanyang isinasabuhay. Walang sinuman na nabubuhay sa laman ang kayang direktang kumatawan sa Diyos, maliban kung siya ay isang tao na ginagamit ng Banal na Espiritu. Gayunman, kahit sa taong katulad nito, ang kanyang disposisyon at kung ano ang kanyang isinasabuhay ay hindi masasabi na ganap na kumakatawan sa Diyos; masasabi lamang na ang kanyang isinasabuhay ay ginagabayan ng Banal na Espiritu. Ang disposisyon ng gayong tao ay hindi kayang kumatawan sa Diyos.

Kahit na ang disposisyon ng tao ay itinatalaga ng Diyos—ito ay hindi mapag-aalinlanganan at maituturing na isang positibong bagay—ito ay naproseso na ni Satanas. Samakatuwid, ang buong disposisyon ng tao ay disposisyon ni Satanas. Sinasabi ng ilang tao na ang disposisyon ng Diyos ay ang maging tuwiran sa paggawa ng mga bagay-bagay, at na ito rin ay ipinamamalas nila, na ang kanilang karakter ay ganito rin, at kaya, sinasabi nila na ang kanilang disposisyon ay kumakatawan sa Diyos. Anong klaseng tao ang mga ito? Kaya bang katawanin ng tiwali at malasatanas na disposisyon ang Diyos? Sinumang nagpapahayag na ang kanyang disposisyon ay kumakatawan sa Diyos ay lumalapastangan sa Diyos at iniinsulto ang Banal na Espiritu! Ipinapakita ng paraan kung paano

gumagawa ang Banal na Espiritu na ang gawain ng Diyos sa lupa ay tanging ang gawain ng paglupig. Ito ang dahilan kung bakit ang maraming tiwaling malasatanas na disposisyon ng tao ay hindi pa nalilinis at kung bakit ang isinasabuhay ng tao ay ang larawan pa rin ni Satanas. Ito ang pinaniniwalaan ng tao na mabuti at kumakatawan ito sa mga gawa ng laman ng tao, o, para maging mas tumpak, ito ay kumakatawan kay Satanas at walang-pasubali na hindi kayang kumatawan sa Diyos. Kahit na ang isang tao ay umiibig na sa Diyos hanggang sa puntong natatamasa na niya ang buhay ng langit sa lupa, kayang makapagbitaw ng mga pahayag na tulad ng: "O Diyos! Hindi Kita maiibig nang sapat," at narating na ang pinakamataas na dako, hindi pa rin masasabi na isinasabuhay niya ang Diyos o kumakatawan sa Diyos, dahil ang diwa ng tao ay hindi katulad ng sa Diyos, at hindi kailanman maisasabuhay ng tao ang Diyos, lalo na ang maging Diyos. Ang naipatnubay ng Banal na Espiritu sa tao na isabuhay ay alinsunod lamang sa kung ano ang hinihingi ng Diyos sa tao.

Hinango mula sa "Ang Tiwaling Tao ay Walang Kakayahang Kumatawan sa Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

162. Ang mga Prinsipyo ng Pagsunod sa Iglesia

(1) Magpasakop sa lahat ng gawaing pagsasaayos at mga patakaran ng bahay ng Diyos. Dapat na sundin ang mga pagpapasya ng iglesia kung naaayon ang mga ito sa mga gawaing pagsasaayos at sa katotohanang salita ng Diyos.

(2) Dapat na sundin at huwag kailanman labagin ng mga hinirang na tao ng Diyos ang mga sinasabi ng mga pinuno at mga tagapaglingkod ng iglesia kung ang mga iyon ay sumusunod sa katotohanan at sa mga pagsasaayos ng bahay ng Diyos.

(3) Dapat na tanggapin at sundin ng lahat at hindi dapat tanggihan ni labanan ang mga pagpapasyang pinagtibay ng karamihan sa iglesia at ang mga tiyak na naaayong lubos sa mga gawaing pagsasaayos.

(4) Hindi maaaring kumatawan sa iglesia ang minorya ng mga pinuno at mga manggagawa. Dapat na tanggihan ang mga pagkilos ng isang

pinuno o manggagawa kung ang mga ito ay hindi naaayon sa katotohanan at hindi dapat mapuwersa ng mga ito ang tao.

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Anuman ang mangyari sa iyo o anuman ang marinig mo, dapat mong patahimikin ang iyong sarili sa harapan ng Diyos at manalangin sa Kanya, hanapin ang katotohanan, at ibatay ang lahat sa mga salita ng Diyos. Kahit sino pa man ang nagsalita o kung anong antas ng pinuno ang nagsasabi nito, dapat mong makilala at tratuhin ang kanilang sinasabi alinsunod sa mga salita ng Diyos. Sinuman ang nagsabi nito, basta't hindi ito alinsunod sa mga salita ng Diyos, huwag mong paniwalaan o tanggapin iyon, bagkus ay tratuhin lang ito bilang mga malademonyong salita o kamalian. Kapag may sinumang nagtatangkang pagawain tayo ng isang bagay, hindi dapat tayo makinig o sumunod kung hindi ito alinsunod sa mga salita ng Diyos. Naniniwala lamang tayo sa lahat ng mga salita ng Makapangyarihang Diyos—ang Cristo ng mga huling araw—at sinusundan lamang natin ang lahat ng gawang pagsasaayos ng taong ginamit ng Banal na Espiritu. Kahit ano pa man ang antas ng pinuno, sumusunod lang tayo at tumatalima kung ang ipinaparating nila ay ang katotohanan, at kung ang mga gawang pagsasaayos ay mula sa Itaas. Ito ay isang prinsipyo ng pagkilos ng mga hinirang na tao ng Diyos. Kung kumakapit tayo sa prinsipyong ito, makakaya nating maglakad sa tamang landas at kumilos alinsunod sa kalooban ng Diyos. Ang paglabag sa prinsipyong ito ay nagiging dahilan upang madali tayong malinlang at humantong sa maling landas. Maaari rin tayong maakay tungo sa pagtataksil sa Diyos at muling maibalik sa ilalim ng kapangyarihan ni Satanas.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Pananagutan ng mga pinuno at mga manggagawa sa lahat ng antas na gampanan ang kanilang gawain at tuparin ang mga tungkuling nararapat nilang gawin alinsunod sa mga salita ng Diyos at sa mga gawang pagsasaayos, mga pangangaral at pakikibahagi mula sa Itaas.

Walang sinuman ang may karapatang maghigpit, humadlang o makialam. Ang pagtupad sa mga tungkulin ay lehitimo hangga't hindi nito nilalabag ang mga gawang pagsasaayos. Sinuman ang naghihigpit, humahadlang o gumagambala sa mga pinuno o mga manggagawa na karaniwang tumutupad ng kanilang mga tungkulin alinsunod sa mga gawang pagsasaayos ay sumisira sa gawa ng iglesia.

Ang mga pinuno at mga manggagawa ng lahat ng antas ay may karapatang pakitunguhan ang lahat ng uri ng masasamang tao alinsunod sa mga gawang pagsasaayos. Hangga't ito ay pinatutunayan ng ebidensiya at ang mga katunayan ay kapani-paniwala, walang sinuman ang dapat na maghigpit, humadlang o makialam. Ang mga pinuno at mga manggagawa ay may karapatang pangasiwaan ang iba't ibang mahihirap na problema ng iglesia alinsunod sa mga gawang pagsasaayos at pagpasyahan ang mga usaping pang-iglesia malaki man o maliit. Hangga't ang kanilang mga ikinikilos ay alinsunod sa mga katotohanang prinsipyo at mga gawang pagsasaayos, at kapaki-pakinabang para sa iglesia, walang sinuman ang may karapatang maghigpit, humadlang o makialam.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Sinusuportahan at pagtitibayin ng nasa Itaas ang anumang desisyong itiwalag ang isang tao ng isang pinuno o manggagawa ng alinmang nasasakupan ng pastor na suportado ng malinaw na ebidensiya at umaayon sa mga katotohanan. Sa oras na ang isang anticristo o gumagawa ng masama ay nalantad at isinumbong ng mga hinirang na tao ng Diyos, hangga't ang ebidensiya ay malinaw, dapat silang itiwalag ng mga pinuno at mga manggagawa ng bawat nasasakupan ng pastor at maglabas ng abiso ng pagtitiwalag. Walang sinuman ang maaaring tumutol sa desisyong ito. Sinuman ang tumututol at humahatol sa desisyong itiwalag ang isang tao ng mga pinuno at mga manggagawa ng isang nasasakupan ng pastor ay masama at hindi kailanman patatawarin ng bahay ng Diyos. Iyon ay sapagkat ang mga desisyong pinagpapasyahan

ng mga pinuno at mga manggagawa ng isang nasasakupan ng pastor ay naipapasa sa pamamagitan ng pagkakasundo ng walumpung posiyento ng mga hinirang na tao ng Diyos sa iglesia; ang kanilang mga desisyon ay kumakatawan sa mga desisyong ginawa ng mga hinirang na tao ng Diyos, at tiyak na hindi pansariling desisyon ng isang pinuno o manggagawa sa alin mang antas. Kung napapansin ng mga hinirang ng Diyos na ang isang tao ay masama at itinitiwalag sila ng iglesia, ito ay kumakatawan sa damdamin ng mga tao at ang kalooban ng Langit, at ito ay ganap na naaayon sa kalooban ng Diyos. Naunawaan na ng mga hinirang ng Diyos ang likas na kakanyahan ng masamang taong ito batay sa mga salita ng Diyos at sa katotohanan, at itinaas na nila ang kanilang mga kamay bilang pagsang-ayon sa pagtitiwalag sa taong iyon. Kung gayon nga, ito ay desisyon ng iglesia, at hindi maaaring mapawalang-bisa nino man. Kung mayroon mang ilang magugulo ang isip na naglalabas ng kanilang mga hinaing at hindi sumasang-ayon, na nananawagan sa Itaas na palitan ang mga pinuno at mga manggagawa na nagdesisyong itiwalag ang taong iyon, ito ba'y naaayon sa katotohanan? Hindi ba sila humahatol ng mga tao nang walang dahilan? Hindi ba nila ginagambala ang gawain ng bahay ng Diyos? Hindi ba nila sinasadyang lumikha ng kaguluhan? Hindi ba ito disposisyon ni Satanas?

Hinango mula sa Mga Sermon at Pagbabahagi Tungkol sa Pagpasok sa Buhay

Dapat na harapin ng mga hinirang na tao ng Diyos ang lahat ng mga usapin mula sa liwanag ng salita ng Diyos, at ang mga desisyon ay maaari lamang pahintulutang manatili pagkatapos mapatotohanan ang mga iyon ng kahit iilang mga tao na may mahusay na pag-unawa sa katotohanan. Kung mayroon lamang isa o dalawang pinunong nagpapasya na ang isang tao ay anticristo, o masamang tao, hindi dapat basta na lang makigaya ang mga hinirang na tao ng Diyos upang maiwasan ang malinlang sila at madaya. Kapag tumitingin sa mga salita at kilos ng mga pinuno at mga manggagawa mula sa lahat ng antas, dapat na magpasya ang isang tao sa mga gayong bagay alinsunod sa mga salita ng Diyos at sa mga gawang

pagsasaayos mula sa Itaas. Ito'y dahil hindi maaasahan ang mga tao bago sila ginawang ganap ng Diyos. Ang mga hinirang na tao ng Diyos ay dapat na nakikinig lamang at nagpapasakop sa Cristo at nagpapasakop din sa mga gawang pagsasaayos mula sa Itaas. Sa lahat ng bagay, pinakamapagkakatiwalaan ang kumilos alinsunod sa mga salita ng Diyos. Kung ang mga pinuno at mga manggagawa ay mga taong naghahangad sa katotohanan at tapat at may mabubuting puso, dapat nga silang bigyan ng suporta ng mga hinirang na tao ng Diyos at tulungan sa kanilang gawain. Kung matuklasan na ang mga pinuno at mga manggagawa ay mga taong hindi nagpapatotoo para sa Diyos, nagtataas sa Diyos, at natatakot sa Diyos, sa halip ay mapanlinlang, mapagmataas, mapagmatuwid sa sarili, makasarili, kasuklam-suklam, at malisyosong mga tao na nagpaplano para sa kanilang mga sariling kapakanan lamang, kung gayon, dapat na maging matalino at magsanggalang laban sa kanila ang mga hinirang na tao ng Diyos. Dapat silang manalangin sa Diyos at magpasakop sa Diyos, at hindi dapat sumunod sa mga masasamang tao. Ang gayong mga kilos ay ganap na naaangkop.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

Kung may mga huwad na pinuno at mga manggagawa sa loob ng iglesia na gumagamit sa kanilang posisyon at kapangyarihan upang kontrolin ang mga tao, dapat silang labanan at talikuran ng mga hinirang na tao ng Diyos, at magbahagi tungkol sa katotohanan upang makipagdebate sa kanila. Sundin lamang ang katotohanan at ang mga salita ng Diyos. Huwag kailanman sundin ang impluwensiya ni Satanas. Maging sino man ito, maaari lamang silang sundin kung ang kanilang mga salita at mga pagkilos ay alinsunod sa katotohanan. At kung hindi, nararapat na sila'y talikuran. Tanggihan mo si Satanas. Ito ang prinsipyo ng pagsunod sa Diyos. Kung ang isang pinuno ng iglesia ay gumagamit ng kanilang posisyon at kapangyarihan upang kontrolin ka, at nagsasabing, "Kung sinusunod mo ang mga gawang pagsasaayos mula sa Itaas, pagkatapos

ay hindi mo sinusunod ang iglesia, ititiwalag nga kita," kung gayon, dapat mong sabihin sa kanila, "Hindi mo kinakatawan ang iglesia. Kinakatawan mo si Satanas. Sinusunod ko ang mga gawang pagsasaayos mula sa Itaas, at ito ay pagpapahayag ng pagsunod sa gawa ng Diyos. Hindi ko susundin si Satanas." Sa ganitong paraan, mapapahiya si Satanas. Ang mga taong tunay na sumusunod sa Diyos ay sumusunod lamang sa kung ano ang nagmula sa Diyos, ano ang alinsunod sa katotohanan, at mga positibong bagay, at dapat na talikuran at tanggihan ang mga nagmumula kay Satanas o mula sa kalooban ng tao, at yaong mga makasasama sa gawa ng Diyos, o hindi alinsunod sa katotohanan. Hindi dapat sila makontrol ng sinumang pinuno o manggagawa. Iyon lang ay pagiging isang taong nagtataglay na ng katotohanan at realidad. Ang mga pinakamatataas na awtoridad sa bahay ng Diyos ay ang Diyos, ang mga salita ng Diyos, ang katotohanan, at ang mga gawang pagsasaayos, mga pangangaral at pakikibahagi mula sa Itaas na mula sa gawa ng Banal na Espiritu. Ang pagsunod sa apat na awtoridad na ito lamang ang tunay na pagsunod sa Diyos. Kapag ang lahat ng mga hinirang na tao ng Diyos ay sumusunod sa mga salita ng Diyos, sumusunod sa katotohanan, at tinatalikdan ang impluwensiya ni Satanas nang may isang puso at isang isip, lubusang mapapahiya si Satanas, at ang mga hinirang na tao ng Diyos ay papasok sa tamang landas ng paniniwala sa Diyos. Kaya nga, pagdating sa mga pinuno at mga manggagawa sa lahat ng antas, dapat silang sundin o talikuran batay lamang sa mga salita ng Diyos at sa gawang pagsasaayos mula sa Itaas, at ang isang tao ay hindi dapat maging sunod-sunuran, walang-imik na magpasakop, bumaba upang makipagkompromiso, at maging alipin ni Satanas. Kapag ang isang tao ay nagsasanay sa pagsasabuhay sa katotohanan sa ganitong paraan at sumusunod sa Diyos at tumatanggi kay Satanas, sa katagalan ay makakamtan nila ang totoong pagsunod sa Diyos at makakawala mula sa impluwensiya ni Satanas. Ito ang daan sa pagkamit ng kaligtasan. Dapat itong malinaw na makita ng mga hinirang na tao ng Diyos at hindi na dapat kailanman sumunod mli sa mga huwad na pinuno at mga anticristo sa

pagtahak sa landas patungo sa pagkawasak. Tanging ang mga taong hindi naghahanap sa katotohanan ang tapat na makapaglilingkod kay Satanas, sasamba sa kapangyarihan at magiging sunod-sunuran at walang-imik na pagpapasakop. Ang mga gayong alipin ay ang mga taong kinamumuhian at kinapopootan ng Diyos. Kung hindi pa rin sila magigising at susunod sa katotohanan at ganap na susunod sa Diyos, silang lahat ay pupuksain. Ang araw na ang mga huwad na mga pinuno at mga anticristo ay parurusahan ay ang araw na tatangis at magngangalit ang mga ngipin ng mga aliping ito na sumusunod at tumatalima kay Satanas.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

163. Ang mga Prinsipyo Kung Paano Pakikitunguhan ang Gawaing Pagsasaayos

(1) Kumakatawan sa direksyon ng gawain ng Banal na Espiritu at sa kasalukuyang kalooban ng Diyos ang mga gawaing pagsasaayos, mga pangaral, at mga pagsasalamuha. Dapat silang tanggapin, sundin, at isabuhay;

(2) Kinakailangan ang mahigpit na pagsunod sa mga prinsipyo ng gawaing pagsasaayos para sa maayos na pagtupad sa tungkulin ng tao. Hindi dapat gumawa ng mga bagay ang tao ayon sa kanilang kagustuhan at sa pamamagitan ng sarili nilang pamamaraan, at dahil dito ay tumatahak sa landas ng mga anticristo;

(3) Pinalilinaw at pinaliliwanag ng Banal na Espiritu ang mga gawaing pagsasaayos, mga pangaral, at pagsasalamuha. Tinuturing sila bilang kaalamang pantao, at hindi dapat palitan ang mga salita ng Diyos o pakitunguhan bilang mga salita Niya;

(4) Dapat na mabilis at tiyak na isagawa ang mga gawaing pagsasaayos, mga pangaral, at pagsasalamuha nang walang pagtitipid upang matiyak ang pagtamo ng gawain ng Banal na Espiritu at ang mabisang pagganap ng tungkulin.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Sa kanilang gawain, kailangang bigyang-pansin ng mga lider at manggagawa ng iglesia ang dalawang bagay: Ang isa ay ang gawing ganap ang kanilang gawain ayon sa mga prinsipyong nakasaad sa mga pagsasaayos ng gawain, nang hindi kailanman nilalabag ang mga prinsipyong iyon at hindi ibinabatay ang kanilang gawain sa anumang maaari nilang mailarawan sa isip o sa alinman sa mga sarili nilang pag-iisip. Sa lahat ng ginagawa nila, dapat silang magpakita ng malasakit sa gawain ng tahanan ng Diyos, at laging unahin ang kapakanan nito. Isang bagay pa—at ito ang pinakamahalaga—iyon ay sa lahat ng bagay, dapat silang magtuon sa pagsunod sa patnubay ng Banal na Espiritu at gawin ang lahat nang mahigpit na sinusunod ang mga salita ng Diyos. Kung nakakaya mo pa ring salungatin ang patnubay ng Banal na Espiritu, o kung nagmamatigas mo pa ring sinusunod ang mga sarili mong pag-iisip at ginagawa ang mga bagay-bagay ayon sa sarili mong imahinasyon, ang mga kilos mo ang bubuo sa pinakamatinding paglaban sa Diyos. Walang patutunguhan ang madalas mong pagtalikod sa kaliwanagan at patnubay ng Banal na Espiritu. Kung maiwala mo ang gawain ng Banal na Espiritu, hindi mo na magagawang magtrabaho; at kahit pa magawa mong makapagtrabaho kahit paano, wala kang matatapos. Ito ang dalawang pangunahing prinsipyong dapat sundin habang gumagawa: Ang isa ay ang isagawa ang gawain nang ganap na naaayon sa mga pagsasaayos mula sa Itaas, gayundin ang kumilos ayon sa mga prinsipyong naitakda ng nasa Itaas; ang isa pa ay ang sundin sa iyong kalooban ang patnubay ng Banal na Espiritu. Sa sandaling maunawaan mo ang dalawang puntong ito, hindi ka na manganganib na makagawa ng mga pagkakamali.

Hinango mula sa “Ang mga Pangunahing Prinsipyo ng Gawain Para sa mga Lider at Manggagawa” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sa gawain at mga usapin ng iglesia, bukod pa sa pagsunod sa Diyos, dapat mong sundin ang mga tagubilin ng tao na ginagamit ng Banal na Espiritu sa lahat ng bagay. Kahit ang pinakamaliit na pagsuway ay hindi

katanggap-tanggap. Kailangan mong maging ganap sa iyong pagsunod, at huwag mong suriin ang tama o mali; anuman ang tama o mali ay walang kinalaman sa iyo. Ganap na pagsunod lamang ang iyong dapat alalahanin.

Hinango mula sa “Ang Sampung Atas Administratibo na Dapat Sundin ng Hinirang na Bayan ng Diyos sa Kapanahunan ng Kaharian” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

May mga taong labis na mapagwalang-bahala sa kanilang pag-uugali pagdating sa gawain ng pagsasaayos mula sa Itaas. “Ang Itaas ang nagsasaayos ng mga gawain,” iniisip nila, “at tayong naririto sa ibaba ang gumaganap sa gawain. Maipatutupad nang may naaayong pag-angkop ang ilan sa mga nasabi at ilan sa mga gawain—maaari silang ibahin pagkababa sa atin. Nagsasalita lang naman ang Itaas, at tayo ang gumagawa ng praktikal na gawain. Nauunawaan natin ang kalagayan sa iglesia, hindi ng Itaas, kaya’t ang mga tao at ang gawain sa iglesia na ibinigay sa atin ay upang gawin batay sa ating kagustuhan. Makakaya nating gawin ang nais natin, at walang sinuman ang may karapatang manghimasok.” Sa gayong mga tao, ito ang prinsipyo ng paglilingkod sa Diyos: “Kung sa tingin ko ay tama ang isang bagay, tatandaan ko ito; kung sa tingin ko ay may bagay na hindi maaaring gawin, ipagwawalambahala ko ito. Makakaya kong tumutol sa iyo kung ibig ko, o lumaban sa iyo, at hindi ko kailangang ipatupad o gawin ang anumang ayaw ko. Kung may sinabi ka na sa palagay ko ay hindi angkop, iwawasto ko ito para sa iyo, at saka ko ipapasa sa iba pagkaraan ko itong salain. Walang malalathala na hindi ko sinang-ayunan.” Sa kung saan-saang dako, ipinalalaganap nila ang orihinal na anyo ng mga pagsasaayos galing sa Itaas, ngunit ipinadadala ng taong ito ang iwinasto nilang bersyon ng mga pagsasaayos ng gawain sa mga tao sa lugar na pinamumunuan nila. Laging ninanais ng gayong uri ng tao na isaisantabi ang Diyos, at lubhang ibig na sumunod at maniwala sa kanila ang lahat. Sa tingin nila, hindi nila kapantay ang Diyos sa ilang larangan–Diyos din sila dapat, at dapat maniwala sa kanila ang lahat. Iyan ang kalikasan ng kanilang ginagawa. Kung nauunawaan ninyo ito, iiyak pa rin ba kayo kapag matanggal at mapalitan ang gayong tao?

Makararamdam pa rin ba kayo ng simpatya sa kanila? Iisipin ninyo pa rin bang “Hindi nararapat at hindi makatarungan ang ginagawa ng Itaas–paano maaatim ng Itaas na alisin ang isang taong labis na naghirap?” Para sa kaninong kapakanan kaya sila naghirap? Naghirap sila alang-alang sa kanilang sariling kalagayan. Naglilingkod ba sila sa Diyos? Ginagampanan ba nila ang kanilang tungkulin? Tapat at nagpapasakop ba sila sa Diyos? Sila ay walang iba kundi mga kampon ni Satanas, at napasasailalim sa kapamahalaan ng demonyo ang kanilang gawain; sinisira nito ang plano ng pamamahala ng Diyos at ginagambala ang Kanyang gawain. Anong klaseng pananampalataya iyan? Sila ay walang iba kundi isang demonyo, isang anticristo!

Hinango mula sa “Paano Masasaktan ang Diyos?” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

May mga taong nakasusunod sa mga pagsasaayos ng Itaas kahit hindi nila makayang maunawaan ang ilang bahagi nito. Sinasabi nila, “Ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay wasto, at may kabuluhan. Hindi man natin ito nauunawaan, nagpapasakop tayo rito. Ang hindi natin gagawin ay ang hatulan ang Diyos! Kung mayroon mang hindi tama sa ating pandinig, susundin pa rin natin ito. Mga tao tayo, may pag-iisip ng tao–ano ba naman ang alam natin? Kaya sumusunod lamang tayo at nagpapasakop sa mga pagsasaayos ng Diyos hanggang dumating ang araw na nauunawaan na natin ang mga ito. Kahit hindi dumating ang araw na iyon, kusang-loob pa rin tayong magpapasakop. Mga tao tayo, at dapat tayong magpasakop sa Diyos. Iyan ang dapat nating ginagawa.” Gayunman, may ilang hindi tulad nito. Kapag nakita nila kung ano ang ginagawa ng Itaas, ang una nilang reaksyon ay siyasatin ito. Sinasabi nila, “Diyos, tingnan natin ang sinasabi Mo at kung ano ang hinihingi Mo. Mainam ang una, pero tila hindi tama ang pangalawa. Aayusin ko ito para sa Iyo.” May puso bang gumagalang sa Diyos ang tao na nagsasabi nito? Marahil ay mayroon silang mga kuru-kuro sa kung anong ginagawa ng Diyos, kaya’t hindi nila isinasakatuparan ang Kanyang mga pagsasaayos sa iglesia, bagkus ay walang pakundangang ipinakakalat ang mga kuru-kuro nila sa kanilang mga

kapatid sa pananampalataya, nang sa gayon ay magkaroon sila ng mga kuru-kuro tungkol sa Diyos. Una, ang gayong tao ay hindi kayang makapagbigay ng katotohanan; ikalawa, nagpapakalat sila ng mga kuru-kuro; at ikatlo, sila ang nagiging dahilan upang magkaroon ng mga kuru-kuro ang iba tungkol sa Diyos, at salungatin ang Kanyang ginagawa, at subuking pakilusin Siya nang kakaiba, upang sa huli, ay sumuko Siya sa kanila. May mga taong gagawa ng ganitong mga bagay sa pag-asang maiwaksi ang mga kuru-kuro ng mga tao, upang pasukuin ang Diyos at pakilusin Siya nang kakaiba, at magawa Siya na palugurin ang mga tao. Kung ang ganitong tao ay makaramdam ng pagsisisi at tumangis matapos gawin ang mga bagay na ito, maaari pa rin ba silang ituring na may puso ng paggalang sa Diyos? May mga taong may pagkamasigasig at walang alam sa paglilingkod sa Diyos–maaari kang mapatawad para rito. Gayunman, kung patuloy kang kikilos nang ganito, sadya kang nakagagawa ng masama, na higit na malubha at higit na malaking kasalanan, at kakila-kilabot na bagay! Kung napakapayak ng iyong pananaw sa mga bagay na ito, at nararamdaman mo na walang gaanong halaga ang mga ito, darating ang panahong masasaktan mo ang Diyos. Nakakita na Ako ng mga ganitong tao; kahit hindi pa sila nalinis, napagpasiyahan na noon pa ang kanilang kahihinatnan.

Hinango mula sa “Paano Masasaktan ang Diyos?” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sanggunian na mga Sipi ng Sermon at Pagbabahagi:

Ang mga gawang pagsasaayos, mga pangangaral, at mga pakikibahagi ng Itaas ay kumakatawan sa bagong mga hakbang at direksyon ng Banal na Espiritu. Dahil dito, ang mga pinuno at mga manggagawa sa lahat ng antas ay dapat na sunding mabuti ang mga gawang pagsasaayos, mga pangangaral at mga pakikibahagi ng Itaas upang makibahagi sa katotohanan at magampanan ang kanilang mga tungkulin. Ito ay prinsipyo ng paglilingkod sa Diyos at ang tamang daan din ng paglilingkod. Ang taong lumilihis mula sa mga gawang pagsasaayos, mga pangangaral at mga pakikibahagi ng Itaas para gawin ang sarili nilang

kagustuhan ay umaabala at gumagambala sa mga gawa ng Diyos. Ang ganoong tao ay isang taong lumalaban sa Diyos. Kung hindi magagampanan ng isang tao ang kanilang tungkulin alinsunod sa mga gawang pagsasaayos, mga pangangarap at mga pakikibahagi ng Itaas, hindi nila malalaman kung ang kanilang mga ikinikilos ay mabuti o masama, at kung sumusunod sila o hindi sa kalooban ng Diyos. Samakatuwid, ang mga gawang pagsasaayos, mga pangangaral at mga pakikibahagi ng Itaas ay isang salamin na nagpapakita kung ang mga pinuno at mga manggagawa ay pumapasok sa realidad. Sila na kayang tanggapin ang gawang pagsasaayos, mga pangangaral at mga pakikibahagi ng Itaas sa lahat ng oras ay mga taong kayang tanggapin ang katotohanan at pumasok sa realidad. Kung nakikita ng isang tao na ang mga gawang pagsasaayos, mga pangangaral at mga pakikibahagi ng Itaas ay hindi ayon sa kanilang mga sariling kuro-kuro o kung nararamdaman nila na ang mga bagay na ito ay naglalantad o tumatanggi sa kanilang mga ikinikilos at asal, kaya nagagalit dahil sa kahihiyan at hinahatulan at hinuhusgahang walang katotohanan ang mga gawang pagsasaayos ng Itaas, kung gayon, sapat na ito upang patunayan na ang taong ito ay lumalaban at kinamumuhian ang katotohanan, sinusubukang protektahan ang kanilang sariling posisyon, at pinipilit na tahakin ang maling landas. Ang ganitong uri ng tao ay tiyak na huwad na pinuno o isang anticristo. Talagang kinamumuhian ng ilang mga pinuno at mga manggagawa ag katotohanan. Kung ang mga gawang pagsasaayos, mga pangangaral at mga pakikibahagi ay alinsunod sa kanilang sariling mga kuro-kuro at kapakinabangan para sa kanila, ituturing nilang tama ang mga iyon, at pagkatapos ay tatanggapin at ipapamana ang mga iyon. Ngunit kung ang mga bagay na ito ay hindi alinsunod sa kanilang sariling mga kuro-kuro o walang kapakinabangan sa kanila, hinahatulan nila bilang huwad, tinatanggihan at ipinagkakait ang mga iyon. Ito ay purong gawa ni Satanas. Masyadong kabaliwan ang bulag na pagtitiwala sa sariling mga kuro-kuro ng isang tao sa pagtingin sa mga bagay-bagay, sa pagsasaalang-alang kung ang isang bagay ay totoo o huwad o kung ito ba ay makakabuti sa

kanyang sariling katanyagan, pakinabang at kalagayan. Ang ganoong pananaw ay purong gawa ni Satanas at hindi nagtataglay ng anumang katotohanang realidad. Ang ganoong mga tao ay tiyak na hindi umiibig at sumusunod sa katotohanan, o may paggalang para sa Diyos. Maaaring sabihin nang may katiyakan na ang mga gawang pagsasaayos, mga pangangaral at mga pakikibahagi ng Itaas ay ang kasalukuyang gawa ng Banal na Espiritu at nagmumula sa kaliwanagan at tanglaw ng Banal na Espiritu. Ang bagay na iyon na nagmumula sa gawa ng Banal na Espiritu ay tiyak na papatnubay at gagabay sa kanilang lahat na sumusunod sa katotohanan upang maunawaan ang katotohanan at makapasok sa realidad. Upang masukat kung ginagawa ng mga pinuno at mga manggagawa sa lahat ng antas ng iglesia ang kanilang gawain at ginagampanan ang kanilang mga tungkulin alinsunod sa kalooban ng Diyos, dapat nating makita kung tunay ba nilang tinatanggap at iginagalang ang mga gawang pagsasaayos, mga pangangaral at mga pakikibahagi ng Itaas, at kung ginagawa nila ang kanilang gawain at ginagampanan ang kanilang mga tungkulin alinsunod sa mga iyon. Kung hindi kailanman kayang tanggapin at igalang ng isang pinuno o manggagawa ang mga gawang pagsasaayos, mga pangangaral at mga pakikibahagi ng Itaas, tiyak nga na ang taong ito ay isang huwad na pinuno o manggagawa at dapat na alisin. Kung kayang tanggapin ng isang pinuno o manggagawa ang mga gawang pagsasaayos, mga pangangaral at mga pakikibahagi ng Itaas, maibabahagi nga nila kung gayon ang katotohanang realidad sa iglesia, at makakaya nilang makipagtulungan sa gawa ng Banal na Espiritu, at gabayan ang mga hinirang na tao ng Diyos tungo sa katotohanang realidad.

Tanging kung ang pakikibahagi ng mga pinuno o mga manggagawa ay ganap na alinsunod sa mga gawang pagsasaayos, mga pangangaral at mga pakikibahagi ng Itaas maaaring magkamit ng mga bunga ang kanilang gawain at makukuha ang pagsang-ayon ng mga hinirang na tao ng Diyos. Kung ang pakikibahagi ng mga pinuno at mga manggagawa ay hindi nasusundang mabuti ang mga gawang pagsasaayos, mga pangangaral at

mga pakikibahagi ng Itaas, hindi makakasabay ang kanilang mga gawa sa bagong liwanag at mga bagong pagkilos ng gawa ng Banal na Espiritu. Kung ang mga bagay na pinag-uusapan ng mga tao ay masyado nang lipas at hindi nakakasabay sa kasalukuyang gawa ng Banal na Espiritu, at kung hindi pa rin nila hinahanap ang katotohanan, magiging lubhang imposible na para sa kanila ang makamit ang gawa ng Banal na Espiritu. Ang gawa ng ganoong mga tao ay tiyak na walang anumang pakinabang para sa mga hinirang na tao ng Diyos, at ang buhay ng iglesia ay mananatiling walang pag-unlad. Silang lahat na hindi nakakasabay sa kasalukuyang gawa ng Banal na Espiritu at tumatanggap sa mga gawang pagsasaayos, mga pangangaral at mga pakikibahagi ng Itaas ay nasa panganib at maaaring madaling tanggalin. Kaya, hinihingi ng Itaas na sunding mabuti ng mga pinuno at mga manggagawa sa lahat ng anta sang mga gawang pagsasaayos, mga pangangaral at mga pakikibahagi ng Itaas upang makibahagi sa katotohanan at gawin ang totoong gawain. Ito ang daan upang matamo nila ang gawa ng Banal na Espiritu at makamit ang totoong mga bunga sa kanilang tungkulin. Ito lamang ang paglilingkod na alinsunod sa kalooban ng Diyos. Kung kayang tumanggap at sumunod ng isang tao sa mga gawang pagsasaayos, mga pangangaral at mga pakikibahagi ng Itaas o hindi ay isang tanda na nagpapakita kung iginagalang ba nila ang gawa ng Diyos o tumatahak sa landas ng isang anticristo. Tanging sa mahigpit na pagsunod lamang ng mga ang pagsasaayos, mga pangangaral at mga pakikibahagi ng Itaas sa paggawa at pagganap ng kanyang tungkulin masasabing ang isang tao ay taong tunay na sumusunod sa Diyos at gumagalang sa gawa ng Diyos. Ang mga ganoong tao lamang ang makakatanggap ng katunayan ng gawa ng Banal na Espiritu at unti-unting papasok sa katotohanang realidad upang maging ganap at akma para sa paggamit ng Diyos. Maaaring sabihin na silang lahat na tumututol sa mga gawang pagsasaayos, mga pangangaral at mga pakikibahagi ng Itaas ay mga taong hindi naghahangad sa katotohanan, at lahat ay mga huwad na pinuno at mga anticristo. Walang pagdududa tungkol dito. Labis na nakapagbubunyag ang pagtanggap o hindi ng isang

tao sa mga gawang pagsasaayos, mga pangangaral at mga pakikibahagi ng Itaas.

Hinango mula sa Isang Kolekyon ng mga Pagsasaayos ng Gawain ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos

164. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa Diyos

(1) Alamin ang tatlong yugto ng gawain ng Diyos, unawain ang layunin ng Kanyang plano ng pamamahala, at kilalanin ang kahalagahan ng bawat yugto ng Kanyang gawain, gayundin ang mga bungang nilalayon nitong matamo;

(2) Maliwanag na makita kung paanong ginagawang tiwali ni Satanas ang sangkatauhan, sa anong mga kaparaanan nililigtas ng Diyos ang sangkatauhan, at ang mga bungang maaaring matamo ng paghatol at pagkastigo ng Diyos;

(3) Kinakailangang maunawaan kung sino ang inililigtas ng Diyos, sino ang Kanyang iniibig, sino ang Kanyang kinasusuklaman, sino ang Kanyang inaalis, at sino ang Kanyang ginagawang perpekto;

(4) Kinakailangang magpasakop sa paghatol at pagkastigo ng Diyos at sa Kanyang mga pagsubok at pagpipino, at makilala ang Kanyang matuwid na disposisyon at banal na diwa;

(5) Kinakailangang maunawaan ang banal na diwa ni Cristo, ang magkaroon ng pagkakatulad kay Cristo, at ang maisagawa ang pagdakila at patotoo sa Diyos batay sa katotohanang salita ng Diyos.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang maniwala sa Diyos at makilala ang Diyos ay itinatalaga ng Langit at kinikilala ng mundo, at ngayon—sa isang kapanahunan kung kailan personal na ginagawa ng Diyos na nagkatawang-tao ang Kanyang gawain—ay isang napakagandang pagkakataon para makilala ang Diyos. Ang pagpapalugod sa Diyos ay isang bagay na nakakamit sa pamamagitan ng pagbubuo ng pundasyon ng pag-unawa sa kalooban ng Diyos, at upang maunawaan ang kalooban ng Diyos, kailangang magkaroon ng kaunting

kaalaman tungkol sa Diyos. Ang kaalamang ito tungkol sa Diyos ang pangitain na kailangang taglayin ng isang naniniwala sa Diyos; ito ang batayan ng paniniwala ng tao sa Diyos. Kapag wala ang kaalamang ito, malabo ang pag-iral ng paniniwala ng tao sa Diyos, sa gitna ng hungkag na teorya. Kahit matibay ang pagpapasiya ng mga taong tulad nito na sundin ang Diyos, wala silang mapapala. Ang mga walang napapala sa daloy na ito ang mga aalisin—silang lahat ay mga mapagsamantala. Alinmang hakbang ng gawain ng Diyos ang iyong maranasan, dapat kang samahan ng isang makapangyarihang pangitain. Kung hindi, mahihirapan kang tanggapin ang bawat hakbang ng bagong gawain, dahil hindi kayang isipin ng tao ang bagong gawain ng Diyos, at lampas ito sa mga hangganan ng kanyang pagkaintindi. Kaya, kung walang pastol na mag-aalaga sa tao, kung walang pastol na magbabahagi tungkol sa mga pangitain, walang kakayahan ang tao na tanggapin ang bagong gawaing ito. Kung hindi makatanggap ng mga pangitain ang tao, hindi niya matatanggap ang bagong gawain ng Diyos, at kung hindi masunod ng tao ang bagong gawain ng Diyos, hindi mauunawaan ng tao ang kalooban ng Diyos, kaya nga ang kanyang pagkakilala sa Diyos ay mawawalan ng halaga. Bago isakatuparan ng tao ang salita ng Diyos, kailangan niyang malaman ang salita ng Diyos; ibig sabihin, kailangan niyang maunawaan ang kalooban ng Diyos. Sa ganitong paraan lamang maisasakatuparan ang salita ng Diyos nang tumpak at alinsunod sa kalooban ng Diyos. Ito ay isang bagay na kailangang taglayin ng lahat ng naghahanap sa katotohanan, at ito rin ang prosesong kailangang pagdaanan ng lahat ng nagsisikap na makilala ang Diyos. Ang proseso ng pag-alam sa salita ng Diyos ay ang proseso ng pagkilala sa Diyos at pag-alam sa gawain ng Diyos. Kaya, ang pag-alam sa mga pangitain ay hindi lamang tumutukoy sa pagkilala sa pagkatao ng Diyos na nagkatawang-tao, kundi kabilang din ang pag-alam sa salita at gawain ng Diyos. Mula sa salita ng Diyos nauunawaan ng mga tao ang kalooban ng Diyos, at mula sa gawain ng Diyos nalalaman nila ang disposisyon ng Diyos at kung ano ang Diyos. Paniniwala sa Diyos ang unang hakbang sa pagkilala sa Diyos. Ang proseso ng pagsulong mula sa

paunang paniniwalang ito sa Diyos tungo sa pinakamalalim na paniniwala sa Kanya ay ang proseso ng pagkilala sa Diyos, ang proseso ng pagdanas ng gawain ng Diyos. Kung naniniwala ka lamang sa Diyos para maniwala sa Diyos, at hindi para makilala Siya, walang realidad sa iyong pananampalataya, at hindi maaaring maging dalisay ang iyong pananampalataya—walang duda ito. Kung, sa proseso kung saan nararanasan ng tao ang gawain ng Diyos, unti-unti niyang nakikilala ang Diyos, unti-unting magbabago ang kanyang disposisyon, at lalong magiging totoo ang kanyang paniniwala. Sa ganitong paraan, kapag nagtatagumpay ang tao sa kanyang paniniwala sa Diyos, ganap na niyang nakamit ang Diyos. Kaya ginagawa ng Diyos ang lahat para maging tao sa ikalawang pagkakataon upang personal na gawin ang Kanyang gawain ay upang makilala at makita Siya ng tao. Pagkilala sa Diyos[a] ang huling epektong makakamtan sa katapusan ng gawain ng Diyos; ito ang huling kinakailangan ng Diyos sa sangkatauhan. Ginagawa Niya ito alang-alang sa Kanyang huling patotoo; ginagawa Niya ang gawaing ito upang sa wakas ay ganap na bumaling ang tao sa Kanya. Mamahalin lamang ng tao ang Diyos sa pamamagitan ng pagkilala sa Diyos, at para mahalin ang Diyos kailangan niyang makilala ang Diyos. Paano man siya naghahangad, o ano man ang kanyang hangad na matamo, kailangan niyang magkaroon ng kaalaman tungkol sa Diyos. Sa paraang ito lamang mapapalugod ng tao ang puso ng Diyos. Sa pagkilala lamang sa Diyos magkakaroon ang tao ng tunay na pananampalataya sa Diyos, at sa pagkilala lamang sa Diyos siya tunay na maaaring magpitagan at sumunod sa Diyos. Ang mga hindi nakakakilala sa Diyos ay hindi kailanman tunay na makakasunod at magpipitagan sa Diyos. Ang pagkilala sa Diyos ay kinabibilangan ng pag-alam sa Kanyang disposisyon, pag-unawa sa Kanyang kalooban, at pag-alam kung ano Siya. Subalit alinmang aspeto ang mapag-alaman ng isang tao, kinakailangan sa bawat isa na magsakripisyo at maging handang sumunod ang tao, kung hindi ay walang sinumang patuloy na makakasunod hanggang wakas.

Hinango mula sa “Ang mga Nakakakilala Lamang sa Diyos ang Maaaring Magpatotoo sa Diyos”

Ang aral sa pagkilala sa Diyos ay mas mataas kaysa alinman sa mga sangay na siyensya ng sangkatauhan patungkol sa pisikal na mundo. Ito ay isang aral na makakamtan lamang ng lubhang kakaunting bilang ng mga naghahangad na makilala ang Diyos, at hindi makakamtan ng kung sino lamang na may talento. Kaya, hindi ninyo dapat ituring ang pagkilala sa Diyos at paghahangad sa katotohanan na para bang mga bagay ang mga ito na maaaring makamtan ng isang bata lamang. Marahil ay ikaw ay ganap kang naging matagumpay sa iyong buhay-pamilya, o sa iyong propesyon, o sa iyong pag-aasawa, ngunit pagdating sa katotohanan at sa aral tungkol sa pagkilala sa Diyos, wala kang maipakita at wala kang natamo. Masasabi na ang pagsasagawa ng katotohanan ay napakahirap para sa inyo, at ang pagkilala sa Diyos ay mas malaki pang problema. Ito ang mahirap para sa inyo, at ito rin ang hirap na kinakaharap ng buong sangkatauhan. Sa mga nagkaroon na ng ilang pagtatagumpay sa pagkilala sa Diyos, halos walang isa mang umaabot sa pamantayan. Hindi alam ng tao ang kahulugan ng pagkilala sa Diyos, o kung bakit kailangang makilala ang Diyos, o kung anong antas ang kailangang marating ng isang tao upang makilala ang Diyos. Ito ang lubhang nagpapalito sa sangkatauhan, at ito talaga ang pinakamalaking palaisipang kinakaharap ng sangkatauhan—walang isa mang handang sumagot sa tanong na ito, dahil, hanggang ngayon, walang isa man sa sangkatauhan ang nagtagumpay na sa pag-aaral sa gawaing ito. Marahil, kapag naipaalam na sa sangkatauhan ang palaisipan ng tatlong yugto ng gawain, sunud-sunod na lilitaw ang isang grupo ng mga taong may talento na nakakakilala sa Diyos. Siyempre pa, sana'y gayon nga, at, bukod pa riyan, nasa proseso Ako ng pagsasakatuparan ng gawaing ito, at inaasam Kong makita ang paglitaw ng mas maraming gayong tao na may talento sa nalalapit na hinaharap. Sila yaong mga magpapatotoo sa katunayan ng tatlong yugtong ito ng gawain, at, siyempre pa, sila rin ang unang magpapatotoo sa tatlong yugtong ito ng gawain. Ngunit wala nang iba pang mas nakakabalisa at

nakakahinayang kaysa kung hindi lumitaw ang gayong mga taong may talento sa araw ng pagtatapos ng gawain ng Diyos, o kung mayroon lamang isa o dalawang personal na tumanggap na magawang perpekto ng Diyos na nagkatawang-tao. Gayunman, ito lamang ang pinakamalalang mangyayari. Anuman ang mangyari, inaasam Ko pa rin na matamo ng mga tunay na naghahangad ang pagpapalang ito. Noon pa mang unang panahon, hindi pa nagkaroon ng gawaing tulad nito kailanman; ang gayong pagsasagawa ay hindi pa nangyari sa kasaysayan ng pag-unlad ng tao kailanman. Kung talagang maaari kang maging isa sa mga unang nakakakilala sa Diyos, hindi ba ito ang pinakamataas na karangalan sa lahat ng nilalang? May iba pa bang nilalang sa sangkatauhan na mas pupurihin ng Diyos? Ang gayong gawain ay hindi madaling matamo, ngunit sa huli ay aani pa rin ito ng mga gantimpala. Anuman ang kanilang kasarian o lahi, lahat ng may kakayahang magkamit ng kaalaman tungkol sa Diyos ay tatanggap, sa huli, ng pinakamalaking parangal ng Diyos, at sila lamang ang magtataglay ng awtoridad ng Diyos. Ito ang gawain sa ngayon, at ito rin ang gawain sa hinaharap; ito ang huli at pinakamataas na gawaing isasagawa sa 6,000 taon ng gawain, at ito ay isang paraan ng paggawa na naghahayag sa bawat kategorya ng tao. Sa pamamagitan ng gawain ng pagsasanhing makilala ng tao ang Diyos, inihahayag ang iba’t ibang ranggo ng tao: Yaong mga nakakakilala sa Diyos ay karapat-dapat na tumanggap ng mga pagpapala ng Diyos at ng Kanyang mga pangako, samantalang yaong mga hindi nakakakilala sa Diyos ay hindi karapat-dapat na tumanggap ng mga pagpapala ng Diyos at tanggapin ang Kanyang mga pangako. Yaong mga nakakakilala sa Diyos ay mga kaniig ng Diyos, at yaong mga hindi nakakakilala sa Diyos ay hindi matatawag na mga kaniig ng Diyos; ang mga kaniig ng Diyos ay maaaring tumanggap ng anuman sa mga pagpapala sa Diyos, ngunit yaong mga hindi Niya kaniig ay hindi karapat-dapat sa anuman sa Kanyang gawain. Mga kapighatian man ito, pagpipino, o paghatol, lahat ng bagay na ito ay para tulutan ang tao na magkamit sa huli ng kaalaman tungkol sa Diyos, at nang sa gayon ay magpasakop ang tao sa Diyos. Ito ang tanging epektong makakamtan sa

huli. Wala sa tatlong yugto ng gawain ang nakatago, at makakabuti ito sa kaalaman ng tao tungkol sa Diyos, at tinutulungan nito ang tao na magtamo ng mas ganap at lubos na kaalaman tungkol sa Diyos. Lahat ng gawaing ito ay kapaki-pakinabang sa tao.

Hinango mula sa “Pag-alam sa Tatlong Yugto ng Gawain ng Diyos ang Landas tungo sa Pagkilala sa Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ginagawa ng Diyos ang gawain ng paghatol at pagkastigo upang magtamo ang tao ng kaalaman tungkol sa Kanya, at alang-alang sa Kanyang patotoo. Kung hindi sa Kanyang paghatol sa tiwaling disposisyon ng tao, hindi posibleng malaman ng tao ang Kanyang matuwid na disposisyon, na hindi nagpapalampas ng pagkakasala, at ni hindi niya mapapalitan ng bago ang dati niyang pagkakilala sa Diyos. Alang-alang sa Kanyang patotoo, at alang-alang sa Kanyang pamamahala, ipinapakita Niya ang Kanyang kabuuan sa publiko, na nagbibigay-daan sa tao, sa pamamagitan ng Kanyang pagpapakita sa publiko, na magkaroon ng kaalaman tungkol sa Diyos, baguhin ang kanyang disposisyon, at magbigay ng matunog na patotoo sa Diyos. Ang pagbabago ng disposisyon ng tao ay nakakamit sa pamamagitan ng maraming iba’t ibang uri ng gawain ng Diyos; kung wala ang gayong mga pagbabago sa kanyang disposisyon, hindi magagawa ng tao na magpatotoo sa Diyos at maging kaayon ng puso ng Diyos. Ang pagbabago ng disposisyon ng tao ay tanda na napalaya na ng tao ang kanyang sarili mula sa pagkaalipin kay Satanas at mula sa impluwensya ng kadiliman, at tunay nang naging isang huwaran at halimbawa ng gawain ng Diyos, isang saksi ng Diyos, at isang taong kaayon ng puso ng Diyos. Ngayon, naparito ang Diyos na nagkatawang-tao upang gawin ang Kanyang gawain sa lupa, at hinihiling Niya sa tao na magkamit ng kaalaman tungkol sa Kanya, pagsunod sa Kanya, patotoo sa Kanya, malaman ang Kanyang praktikal at normal na gawain, sundin ang lahat ng Kanyang salita at gawain na hindi naaayon sa mga palagay ng tao, at magpatotoo sa lahat ng gawaing Kanyang ginagawa upang iligtas ang tao, pati na ang lahat ng gawang

isinasakatuparan Niya upang lupigin ang tao. Yaong mga nagpapatotoo sa Diyos ay kailangang magkaroon ng kaalaman tungkol sa Diyos; ang ganitong uri lamang ng patotoo ang tumpak at totoo, at ang ganitong uri lamang ng patotoo ang maaaring magbigay-kahihiyan kay Satanas. Ginagamit ng Diyos ang mga taong nakakilala na sa Kanya sa pamamagitan ng pagdaan sa Kanyang paghatol at pagkastigo, pakikitungo at pagtatabas, upang magpatotoo sa Kanya. Ginagamit Niya yaong mga nagawang tiwali ni Satanas upang magpatotoo sa Kanya, at ginagamit din Niya yaong ang mga disposisyon ay nagbago na, at sa gayon ay nagkamit na ng Kanyang mga pagpapala, upang magpatotoo sa Kanya. Hindi Niya kailangang purihin Siya ng tao sa salita lamang, ni hindi rin Niya kailangan ang papuri at patotoo ng kauri ni Satanas, na hindi Niya nailigtas. Yaon lamang mga nakakakilala sa Diyos ang karapat-dapat na magpatotoo sa Kanya, at yaon lamang mga nabago na ang kanilang disposisyon ang karapat-dapat na magpatotoo sa Kanya. Hindi papayagan ng Diyos ang tao na sadyang magdala ng kahihiyan sa Kanyang pangalan.

Hinango mula sa “Ang mga Nakakakilala Lamang sa Diyos ang Maaaring Magpatotoo sa Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang pag-unawa sa diwa ng Diyos at ang pagkilala sa diwa ng Diyos ay siyang pinakamahalaga sa pagpasok ng mga tao sa buhay. Umaasa Ako na hindi ninyo ipagwawalang-bahala ito o makikita ito bilang isang laro, dahil ang pagkilala sa Diyos ay siyang pundasyon ng pananampalataya ng tao at susi para hangarin ng tao ang katotohanan at makamtan ang kaligtasan. Kung naniniwala ang mga tao sa Diyos ngunit hindi Siya kilala, kung namumuhay lamang sila sa mga salita at doktrina, hindi kailanman magiging posibleng matamo nila ang kaligtasan, kahit pa kumilos at mamuhay sila ayon sa mga mababaw na kahulugan ng katotohanan. Ibig sabihin, kung ikaw ay naniniwala sa Diyos ngunit hindi Siya nakikilala, kung gayon ang iyong pananampalataya ay para lamang sa wala at hindi naglalaman ng realidad.

Hinango mula sa “Ang Diyos Mismo, ang Natatangi V” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa

Ano ang ibig sabihin ng makilala ang Diyos? Ibig sabihin nito ay nakakayang maintindihan ng tao ang galak, galit, lungkot, at tuwa ng Diyos, at sa gayon ay makilala ang Kanyang disposisyon—ito ang talagang pagkakilala sa Diyos. Inaangkin mong nakikita mo na ang Diyos, ngunit hindi mo nauunawaan ang galak, galit, lungkot, at tuwa ng Diyos, hindi mo nauunawaan ang Kanyang disposisyon. Ni hindi mo rin nauunawaan ang Kanyang katuwiran, ni ang Kanyang pagka-mahabagin, ni hindi mo alam kung ano ang gusto o kinamumuhian Niya. Hindi ito pagkakilala sa Diyos. Samakatuwid, nakakayang sundan ng ilang tao ang Diyos ngunit hindi nila talaga kayang tunay na manalig sa Kanya; dito nakasalalay ang pagkakaiba. Kung kilala mo ang Diyos, nauunawaan Siya at kayang maintindihan ang ilan sa Kanyang kalooban, kung gayon talagang makakapaniwala ka sa Kanya, talagang nagpapasakop sa Kanya, talagang minamahal Siya, at talagang sinasamba Siya. Kung hindi mo nauunawaan ang mga bagay na ito, kung gayon isa ka lamang tagasunod na nakikitakbo at nakikigaya sa karamihan. Hindi natatawag iyan na tunay na pagpapasakop o tunay na pagsamba. Paano ba nangyayari ang tunay na pagsamba? Walang natatangi, lahat na talagang kilala ang Diyos ay sinasamba at iginagalang Siya sa tuwing nakikita nila Siya; silang lahat ay nauudyukang yumukod at sumamba sa Kanya. Sa kasalukuyan, habang ang Diyos na nagkatawang-tao ay gumagawa, mas higit ang pagkaunawa na mayroon ang mga tao tungkol sa Kanyang disposisyon at kung ano ang mayroon Siya at ano Siya, mas higit na pahahalagahan nila ang mga ito at mas higit nilang igagalang Siya. Sa pangkalahatan, mas mababaw ang pagkaunawa ng mga tao, mas lalo silang pabaya, kung kaya itinuturing nilang tao ang Diyos. Kung talagang kilala at nakikita ng mga tao ang Diyos, mangangatog sila sa takot. “Siya na dumarating kasunod ko ay lalong makapangyarihan kaysa sa akin, na hindi ako karapatdapat magdala ng kaniyang pangyapak”—bakit sinabi ito ni Juan? Kahit sa kaibuturan wala siyang napakalalim na pagkaunawa, alam niyang kagila-gilalas ang

Diyos. Ilang tao sa panahon ngayon ang kayang gumalang sa Diyos? Kung hindi nila alam ang Kanyang disposisyon, sa gayon paano sila makakagalang sa Kanya? Hindi alam ng mga tao ang diwa ni Cristo ni hindi nauunawaan ang disposisyon ng Diyos, lalong hindi nila kayang talagang sambahin ang Diyos. Kung nakikita lamang nila ang ordinaryo at normal na panlabas na anyo ni Cristo, subalit hindi alam ang diwa Niya, kung gayon madali para sa kanila na ituring si Cristo bilang isang ordinaryong tao lamang. Maaaring magtaglay sila ng walang-paggalang na saloobin sa Kanya, at madadaya Siya, tutulan Siya, suwayin Siya, at hatulan Siya. Maaari silang maging matuwid sa sarili at hindi seryosohin ang Kanyang salita, maaari pa ngang pagmulan sila ng mga pagkaunawa, mga pagkondena at paglapastangan laban sa Diyos. Para malutas ang mga usaping ito dapat malaman ang diwa at ang pagka-Diyos ni Cristo. Ito ang pangunahing aspeto ng pagkilala sa Diyos; ito ang kailangang pasukin at tamuhin ng lahat ng mananampalataya sa praktikal na Diyos.

Hinango mula sa “Paano Kikilalanin ang Diyos na Nagkatawang-tao” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ano ang dapat mong malaman tungkol sa praktikal na Diyos? Ang Espiritu, ang Persona, at ang Salita ang bumubuo sa praktikal na Diyos Mismo, at ito ang tunay na kahulugan ng praktikal na Diyos Mismo. Kung kilala mo lamang ang Persona—kung alam mo ang Kanyang mga gawi at personalidad—ngunit hindi alam ang gawain ng Espiritu, o kung ano ang ginagawa ng Espiritu sa katawang-tao, at kung binibigyang-pansin mo lamang ang Espiritu, at ang Salita, at nananalangin lamang sa Espiritu, ngunit hindi alam ang gawain ng Espiritu ng Diyos sa praktikal na Diyos, nagpapatunay pa rin ito na hindi mo kilala ang praktikal na Diyos. Kabilang sa kaalaman sa praktikal na Diyos ang pagkaalam at pagdanas ng Kanyang mga salita, at pag-unawa sa mga patakaran at mga prinsipyo ng gawain ng Banal na Espiritu at kung paano gumagawa ang Espiritu ng Diyos sa katawang-tao. Kabilang din dito ang pagkaalam na pinamamahalaan ng Espiritu ang bawat pagkilos ng Diyos sa katawang-

tao, at na direktang pagpapahayag ng Espiritu ang mga salitang sinasabi Niya. Sa gayon, upang makilala ang praktikal na Diyos, pinakamahalagang malaman kung paanong gumagawa ang Diyos sa pagkatao at sa pagka-Diyos; pumapatungkol naman ito sa mga pagpapahayag ng Espiritu, kung saan nakikipag-ugnayan ang lahat ng tao.

Hinango mula sa “Dapat Mong Malaman na ang Praktikal na Diyos ay ang Diyos Mismo” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang disposisyon ng Diyos ay isang paksang tila napakahirap unawain ng lahat at, bukod dito, ay isang bagay na hindi madaling tanggapin ninuman, dahil hindi katulad ng personalidad ng isang tao ang disposisyon Niya. Ang Diyos din ay may sariling mga damdamin ng galak, galit, lungkot, at saya, ngunit naiiba ang mga damdaming ito sa mga damdaming mayroon ang tao. Ang Diyos ay ang kung ano Siya at mayroon Siya ng kung ano ang mayroon Siya. Ang lahat ng ipinapahayag at ibinubunyag Niya ay kumakatawan sa diwa Niya at sa pagkakakilanlan Niya. Kung ano Siya at kung anong mayroon Siya, pati na rin ang diwa at pagkakakilanlan Niya, ay mga bagay na hindi maaaring palitan ng sinumang tao. Ang Kanyang disposisyon ay sumasaklaw sa Kanyang pagmamahal para sa sangkatauhan, kapanatagan sa sangkatauhan, poot sa sangkatauhan, at higit pa rito, ang lubos na pagkaunawa sa sangkatauhan. Gayunman, ang personalidad ng tao ay maaaring positibo, masigla, o manhid. Ang disposisyon ng Diyos ay nabibilang sa Tagapamahala ng lahat ng bagay at mga buhay na nilalang, sa Panginoon ng lahat ng nilikha. Kumakatawan ang disposisyon Niya sa karangalan, kapangyarihan, pagkamaharlika, kadakilaan, at higit sa lahat, sa kataas-taasang kapangyarihan. Ang disposisyon Niya ay ang sagisag ng awtoridad, ang sagisag ng lahat ng matuwid, ang sagisag ng lahat ng marikit at mabuti. Higit pa riyan, isa itong sagisag Niya na hindi maaaring[b] madaig o masalakay ng kadiliman at ng anumang puwersa ng kaaway, at sagisag rin Niya na hindi maaaring masaktan (ni hindi rin Siya nagpaparayang masaktan)[c] ng sinumang nilikha. Ang disposisyon Niya ang sagisag ng pinakamataas na

kapangyarihan. Walang tao o mga tao na kaya o maaari na manggambala sa gawain Niya o disposisyon Niya. Ngunit ang personalidad ng tao ay isa lamang tanda ng bahagyang kalamangan ng tao sa hayop. Ang tao, sa kanyang sarili, ay walang awtoridad, walang kasarinlan, at walang kakayahang lampasan ang sarili, ngunit sa diwa niya ay isang nilalang na napapayukyok para sa awa ng lahat ng uri ng mga tao, pangyayari, at bagay. Ang kagalakan ng Diyos ay dahil sa pag-iral at paglitaw ng pagkamakatuwiran at liwanag, dahil sa pagkawasak ng kadiliman at kasamaan. Nalulugod Siya sa pagdadala ng liwanag at ng isang mabuting buhay sa sangkatauhan; ang kagalakan Niya ay isang matuwid na kagalakan, isang sagisag ng pag-iral ng lahat ng bagay na positibo at, higit pa rito, isang sagisag ng pagkamapalad. Ang galit ng Diyos ay dahil sa pinsalang dulot ng pag-iral at panghihimasok ng kawalan ng katarungan sa sangkatauhan Niya, dahil sa pag-iral ng kasamaan at kadiliman, dahil sa pag-iral ng mga bagay na nagtataboy sa katotohanan, at higit pa, dahil sa pag-iral ng mga bagay na sumasalungat sa kung anong mabuti at maganda. Ang galit Niya ay sagisag na hindi na umiiral ang lahat ng bagay na negatibo at, higit pa riyan, isa itong sagisag ng kabanalan Niya. Ang kalungkutan Niya ay dahil sa sangkatauhan na mayroon sana Siyang pag-asa ngunit nahulog na sila sa kadiliman, sapagkat hindi umaabot sa mga inaasahan Niya ang gawaing ginagawa Niya sa tao, at sapagkat lahat sa sangkatauhang minamahal Niya ay hindi kayang makapamuhay sa liwanag. Nakakaramdam Siya ng kalungkutan para sa inosenteng sangkatauhan, para sa tapat ngunit mangmang na tao, at para sa taong mabuti ngunit sa kanyang sariling mga pananaw ay nagkukulang. Ang kalungkutan Niya ay sagisag ng kabutihan Niya at ng awa Niya, isang sagisag ng kagandahan at ng kabaitan. Ang kaligayahan Niya, mangyari pa, ay nagmumula sa pagkatalo ng mga kaaway Niya at pagkakamit ng mabuting pananampalataya ng tao. Higit pa riyan, umuusbong ito mula sa pagpapatalsik at pagkawasak ng lahat ng puwersa ng kaaway, at sapagkat tumatanggap ang sangkatauhan ng mabuti at mapayapang buhay. Hindi katulad ng kagalakan ng tao ang kaligayahan ng Diyos; sa halip, ito ay ang

pakiramdam ng paglikom ng magagandang bunga, isang pakiramdam na higit pa sa kagalakan. Ang kasiyahan Niya ay sagisag ng paglaya ng sangkatauhan sa pagdurusa mula sa oras na ito, at isang tanda ng pagpasok ng sangkatauhan sa isang daigdig ng liwanag. Ang mga damdamin ng sangkatauhan, sa kabilang banda, ay umuusbong na lahat para sa kapakanan ng sarili niyang mga interes at hindi para sa pagkamakatuwiran, liwanag, o kung ano ang maganda, at higit sa lahat, hindi para sa biyayang ipinagkaloob ng Langit. Ang mga damdamin ng sangkatauhan ay makasarili at nabibilang sa daigdig ng kadiliman. Hindi sila umiiral para sa kapakanan ng kalooban, lalong hindi para sa plano ng Diyos, at kaya ang tao at Diyos ay hindi kailanman maaaring pag-usapan nang magkasabay. Ang Diyos ay ang kataas-taasan sa walang hanggan at marangal kailanman, samantalang ang tao ay hamak magpakailanman at walang halaga hanggang sa walang katapusan. Ito ay sapagkat ang Diyos ay walang hanggang gumagawa ng mga sakripisyo at nag-uukol ng sarili Niya para sa sangkatauhan; ang tao, gayunman, ay walang hanggang nangunguha at nagsisikap para lamang sa sarili niya. Ang Diyos ay walang katapusan ang pagpapakahirap para makaligtas ang sangkatauhan, gayon pa man, ang tao ay hindi kailanman nag-aambag ng anumang bagay para sa kapakanan ng liwanag o para sa pagkamakatuwiran. Kahit na nagsisikap ang tao sa maikling panahon, napakahina nito na hindi nito makakayanan ang isang dagok, dahil ang pagsisikap ng tao ay palaging para sa sarili niyang kapakanan at hindi para sa iba. Palaging makasarili ang tao, samantalang ang Diyos ay hindi makasarili magpakailanman. Ang Diyos ang pinagmumulan ng lahat ng makatarungan, mabuti, at maganda, habang ang tao ay ang siyang nagtatagumpay at nagpapamalas ng lahat ng kapangitan at kasamaan. Hindi kailanman babaguhin ng Diyos ang diwa ng pagkamakatuwiran at kagandahan Niya, gayon pa man, ang tao ay ganap na may kakayahan, sa anumang oras at sa anumang kalagayan, na ipagkanulo ang pagkamakatuwiran at lumayo mula sa Diyos.

Hinango mula sa “Napakahalagang Maintindihan ang Disposisyon ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang malaman ang diwa ng Diyos ay hindi biru-birong bagay. Dapat mong maunawaan ang disposisyon Niya. Sa ganitong paraan, unti-unti at hindi mo namamalayan na nalalaman mo na ang diwa ng Diyos. Kapag nakapasok ka sa ganitong kaaalaman, matatagpuan mo ang sarili mong tumatapak sa mas mataas at mas magandang kalagayan. Sa huli, makararamdam ka ng hiya sa nakapanghihilakbot mong kaluluwa, at, bukod dito, ay mararamdaman mong hindi ka na makakapagtago kahit saan pa man mula sa iyong kahihiyan. Sa panahong iyon, mababawasan nang mababawasan ang mga ginagawa mong lumalabag sa disposisyon ng Diyos, lalapit at lalapit sa Diyos ang puso mo, at ang pagmamahal sa Kanya ay unti-unting lalago sa puso mo. Isa itong tanda ng pagpasok ng sangkatauhan sa isang magandang kalagayan. Ngunit hanggang ngayon, hindi pa ninyo natatamo ito. Habang nagmamadali kayong lahat para sa kapakanan ng tadhana ninyo, sino ang mayroong anumang interes na sumubok na alamin ang diwa ng Diyos? Kung magpapatuloy ito, makalalabag kayo nang hindi ninyo namamalayan laban sa mga atas administratibo, dahil lubhang napakakakaunti ng naiintindihan ninyo sa disposisyon ng Diyos. Kaya hindi ba ang ginagawa ninyo ngayon ay paglalatag ng saligan para sa mga paglabag ninyo laban sa disposisyon ng Diyos? Ang paghingi Ko sa inyo na unawain ang disposisyon ng Diyos ay hindi taliwas sa gawain Ko. Dahil kung lumalabag kayo nang madalas sa mga atas administratibo, sino sa inyo ang makatatakas sa kaparusahan? Ang gawain Ko ba kung gayon ay hindi naging lubusang walang katuturan? Samakatuwid, hinihiling Ko pa rin, bilang karagdagan sa pagsusuring mabuti sa sarili ninyong asal, na maging maingat sa mga hakbang na tinatahak ninyo. Ito ang mas malaking hihingin Ko sa inyo, at umaasa Akong maingat ninyong isasaalang-alang ito at bibigyan ito ng maalab ninyong pagturing. Kung darating man ang araw na pupukawin ng mga kilos ninyo ang Aking masidhing galit, kung gayon ay kayo lamang ang magsasaalang-alang ng mga kahihinatnan, at wala nang iba pang hahalili sa pagbabata ng kaparusahan ninyo.

Hinango mula sa “Napakahalagang Maintindihan ang Disposisyon ng Diyos” sa Ang Salita ay

Ang tatlong yugto ng gawain ay isang tala ng buong gawain ng Diyos; ang mga ito ay isang tala ng pagliligtas ng Diyos sa sangkatauhan, at hindi kathang-isip ang mga ito. Kung nais ninyo talagang maghangad ng kaalaman tungkol sa buong disposisyon ng Diyos, kailangan ninyong malaman ang tatlong yugto ng gawaing isinakatuparan ng Diyos, at bukod pa riyan, hindi ninyo dapat laktawan ang anumang yugto. Ito ang pinakamaliit na kailangang makamit ng mga naghahangad na makilala ang Diyos. Hindi kaya ng tao mismo na maggawa-gawa ng tunay na kaalaman tungkol sa Diyos. Hindi ito isang bagay na kayang isipin ng tao mismo, ni hindi ito bunga ng espesyal na pabor na ipinagkaloob ng Banal na Espiritu sa iisang tao. Sa halip, ito ay isang kaalamang dumarating matapos maranasan ng tao ang gawain ng Diyos, at ito ay isang kaalaman tungkol sa Diyos na dumarating lamang matapos maranasan ang mga katunayan ng gawain ng Diyos. Ang gayong kaalaman ay hindi makakamtan nang biglaan, at ni hindi ito isang bagay na maaaring ituro. Lubos itong may kaugnayan sa personal na karanasan. Ang pagliligtas ng Diyos sa sangkatauhan ang buod ng tatlong yugtong ito ng gawain, subalit kasama sa loob ng gawain ng pagliligtas ang ilang pamamaraan ng paggawa at ilang kaparaanan ng pagpapahayag ng disposisyon ng Diyos. Ito ang pinakamahirap matukoy ng tao, at ito ang mahirap maunawaan ng tao. Ang pagkakahiwa-hiwalay ng mga kapanahunan, mga pagbabago sa gawain ng Diyos, mga pagbabago sa lokasyon ng gawain, mga pagbabago sa mga tatanggap ng gawaing ito, at iba pa—lahat ng ito ay kasama sa tatlong yugto ng gawain. Lalo na, ang pagkakaiba sa paraan ng paggawa ng Banal na Espiritu, gayundin ang mga pagbabago sa disposisyon, anyo, pangalan, identidad, o ang iba pang mga pagbabago ng Diyos, ay bahaging lahat ng tatlong yugto ng gawain. Ang isang yugto ng gawain ay maaari lamang kumatawan sa isang bahagi, at limitado sa loob ng isang tiyak na saklaw. Hindi kasama rito ang pagkakahiwa-hiwalay ng mga kapanahunan, o mga pagbabago sa gawain ng Diyos, lalo nang hindi kasama ang iba pang mga

aspeto. Ito ay isang malinaw na halatang katunayan. Ang tatlong yugto ng gawain ay ang buong gawain ng Diyos sa pagliligtas sa sangkatauhan. Kailangang malaman ng tao ang gawain ng Diyos at ang disposisyon ng Diyos sa gawain ng pagliligtas; kung wala ang katunayang ito, ang iyong kaalaman tungkol sa Diyos ay mga hungkag na salita lamang, walang iba kundi mabulaklak na pananalita. Ang gayong kaalaman ay hindi makakakumbinsi ni makakalupig sa tao; taliwas ito sa realidad, at hindi ito ang katotohanan. Maaaring napakarami nito at kaigaya-igayang pakinggan, ngunit kung taliwas ito sa likas na disposisyon ng Diyos, hindi ka palalampasin ng Diyos. Hindi lamang Niya hindi pupurihin ang iyong kaalaman, kundi gagantihan ka rin Niya sa iyong pagiging isang makasalanan na lumapastangan sa Kanya. Ang mga salita ng pagkakilala sa Diyos ay hindi binibigkas nang basta-basta. Bagama't maaaring matabil ka at makatang magsalita, at bagama't napakatuso ng iyong mga salita kaya nakakaya mong mangumbinsi na ang itim ay puti at ang puti ay itim, nahihirapan ka pa ring makaunawa pagdating sa kaalaman tungkol sa Diyos. Ang Diyos ay hindi isang taong mahuhusgahan mo nang padalus-dalos o mapupuri nang basta-basta, o maliitin na parang balewala. Pinupuri mo ang kahit sino at lahat, subalit nahihirapan kang hanapin ang tamang mga salita upang ilarawan ang dakilang kabanalan at kabaitan ng Diyos—ito ang natatanto ng bawat talunan. Kahit maraming dalubhasa sa wika na may kakayahang ilarawan ang Diyos, ang katumpakan ng kanilang paglalarawan ay ikasandaang bahagi lamang ng katotohanang sinasabi ng mga taong nabibilang sa Diyos, mga taong kahit limitado lamang ang bokabularyo, ay maraming karanasang mapagpupulutan. Sa gayon ay makikita na ang kaalaman tungkol sa Diyos ay nakasalalay sa katumpakan at katunayan, at hindi sa tusong paggamit ng mga salita o mayamang bokabularyo, at ang kaalaman ng taong iyon at ang kaalaman tungkol sa Diyos ay ganap na walang kaugnayan.

Hinango mula sa "Pag-alam sa Tatlong Yugto ng Gawain ng Diyos ang Landas tungo sa Pagkilala sa Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung gusto mong makilala ang Diyos, upang tunay na makilala Siya, upang tunay na maunawaan Siya, huwag limitahan ang sarili sa tatlong yugto ng gawain ng Diyos, o sa mga kuwento ng gawaing ipinamalas Niya sa nakalipas. Kung iyong subukang makilala Siya sa ganoong paraan, naglalagak ka ng mga limitasyon sa Diyos, at ikinukulong Siya. Nakikita mo ang Diyos bilang isang bagay na napakaliit. Paano nakaaapekto sa mga tao ang paggawa nito? Hindi mo kailanman makikilala ang pagiging-kahanga-hanga at pagiging-kataas-taasan ng Diyos, ni ang Kanyang lakas at walang hanggang kapangyarihan at ang saklaw ng Kanyang awtoridad. Makaaapekto ang gayong pagkaunawa sa iyong kakayahang tanggapin ang katotohanan na ang Diyos ang Pinuno ng lahat ng bagay, pati na rin ang iyong kaalaman ng tunay na pagkakakilanlan at katayuan ng Diyos. Sa madaling salita, kung limitado ang saklaw ng iyong pagkaunawa sa Diyos, limitado rin ang iyong matatanggap. Ito ang dahilan kung bakit dapat mong palawakin ang iyong saklaw at palawakin ang iyong abot-tanaw. Dapat mong sikaping maunawaan ang lahat ng ito—ang saklaw ng gawain ng Diyos, ang Kanyang pamamahala, ang Kanyang pamumuno, at lahat ng bagay na pinamamahalaan at pinamumunuan Niya. Mauunawaan mo ang mga pagkilos ng Diyos sa pamamagitan ng mga bagay na ito. Sa gayong pagkaunawa, mararamdaman mo, nang di-namamalayan, na namumuno, namamahala, at nagtutustos ang Diyos sa lahat ng bagay na kabilang sa mga ito, at tunay mo ring mararamdaman na ikaw ay isang bahagi at isang miyembro ng lahat ng bagay. Habang nagtutustos ang Diyos sa lahat ng bagay, tinatanggap mo rin ang pamumuno at pagtutustos ng Diyos. Ito ay isang katotohanan na walang sinuman ang makapagkakaila.

Hinango mula sa “Ang Diyos Mismo, ang Natatangi VIII” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang kaalaman tungkol sa awtoridad ng Diyos, kapangyarihan ng Diyos, sariling pagkakakilanlan ng Diyos, at diwa ng Diyos ay hindi makakamit sa pamamagitan ng pag-asa sa iyong imahinasyon. Dahil hindi ka makakaasa sa imahinasyon para malaman ang awtoridad ng Diyos,

kung gayon, sa anong paraan mo makakamit ang tunay na kaalaman tungkol sa awtoridad ng Diyos? Ang paraan para magawa ito ay sa pamamagitan ng pagkain at pag-inom sa mga salita ng Diyos, sa pamamagitan ng pagbabahagian, at sa pamamagitan ng pagdanas sa mga salita ng Diyos. Samakatuwid, magkakaroon ka ng unti-unting karanasan at pagpapatunay sa awtoridad ng Diyos at magtatamo ka ng paunti-unting pagkaunawa at nadaragdagang kaalaman tungkol rito. Ito lamang ang tanging paraan para makamit ang kaalaman tungkol sa awtoridad ng Diyos; walang mga madaliang paraan. Ang paghingi sa inyo na huwag itong ilarawan sa isip ay hindi katulad ng pagpapaubaya sa inyo na maupong walang ginagawa at maghintay ng pagkawasak, o pagpigil sa inyo sa paggawa ng anumang bagay. Ang hindi paggamit ng utak ninyo para mag-isip at maglarawan sa isip ay nangangahulugang hindi paggamit ng pangangatwiran para maghinuha, hindi paggamit ng kaalaman para magsuri, hindi paggamit sa siyensya bilang basehan, bagkus ay pagpapahalaga, pagpapatunay, at pagkumpirma na ang Diyos na iyong pinaniniwalaan ay may awtoridad, kinukumpirma na hawak Niya ng kataas-taasang kapangyarihan sa iyong kapalaran, at ang Kanyang kapangyarihan ay nagpapatunay sa lahat ng sandali na Siya ang tunay na Diyos Mismo, sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos, sa pamamagitan ng katotohanan, sa pamamagitan ng lahat ng bagay na hinaharap mo sa buhay. Ito ang tanging paraan para magkamit ang sinuman ng pagkaunawa sa Diyos. May mga nagsasabi na ninanais nila na makahanap ng simpleng paraan para makamit ang layuning ito, ngunit may naiisip ba kayong gayong paraan? Sinasabi Ko sa iyo, hindi na kailangang mag-isip: Wala nang ibang paraan! Ang tanging paraan ay matapat at matiyagang alamin at patunayan kung anong mayroon at kung ano ang Diyos sa pamamagitan ng bawat salita na Kanyang ipinahahayag at sa lahat ng Kanyang ginagawa. Ito ang tanging paraan para makilala ang Diyos. Dahil kung ano ang mayroon at kung ano ang Diyos, at ang lahat ng bagay na tungkol sa Diyos, ay hindi hungkag at walang-kabuluhan, kundi tunay.

Hinango mula sa “Ang Diyos Mismo, ang Natatangi I” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa

Ang mga pag-aari at katauhan ng Diyos, ang diwa ng Diyos, ang disposisyon ng Diyos—lahat ay naipaalam sa Kanyang mga salita sa sangkatauhan. Kapag naranasan niya ang mga salita ng Diyos, habang ang tao ay nasa proseso ng pagsasagawa ng mga ito, mauunawaan nila ang layunin sa likod ng mga salitang sinasambit ng Diyos, at mauunawaan ang pinagmumulan at pinanggalingan ng mga salita ng Diyos, at mauunawaan at mapapahalagahan ang epektong layon ng mga salita ng Diyos. Para sa sangkatauhan, lahat ng ito ay mga bagay na kailangang maranasan, maintindihan, at matamo ng tao upang makamit ang katotohanan at buhay, maintindihan ang mga layon ng Diyos, mabago ang kanyang disposisyon, at magawang sundin ang kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos. Kasabay ng pagdanas, pag-intindi, at pagtatamo ng tao ng mga bagay na ito, unti-unti siyang magkakaroon ng pag-unawa sa Diyos, at sa panahong ito ay magtatamo rin siya ng iba't ibang antas ng kaalaman tungkol sa Kanya. Ang pagkaunawa at kaalamang ito ay hindi nanggagaling sa isang bagay na nawari o nabuo ng tao, kundi sa halip ay mula sa pinahahalagahan, nararanasan, nadarama, at napagtitibay niya sa kanyang kalooban. Matapos mapahalagahan, maranasan, madama, at mapagtibay ang mga bagay na ito, saka lamang nagkakaroon ng laman ang kaalaman ng tao tungkol sa Diyos; tanging ang kaalamang natatamo ng tao sa panahong ito ang tunay, totoo, at tumpak, at ang prosesong ito—ng pagkamit ng tunay na pagkaunawa at kaalaman tungkol sa Diyos sa pamamagitan ng pagpapahalaga, pagdanas, pagdama, at pagpapatibay sa Kanyang mga salita—ay walang iba kundi ang tunay na pagniniig sa pagitan ng tao at ng Diyos. Sa gitna ng ganitong klaseng pagniig, tunay na nauunawaan at naiintindihan ng tao ang mga layon ng Diyos, tunay na nauunawaan at nalalaman ang mga pag-aari at katauhan ng Diyos, tunay na nauunawaan at nalalaman ang diwa ng Diyos, unti-unting nauunawaan at nalalaman ang disposisyon ng Diyos, nararating ang tunay na katiyakan, at tamang

pakahulugan, sa katunayan ng kapamahalaan ng Diyos sa lahat ng nilikha, at nagkakamit ng tunay na kaugnayan at kaalaman tungkol sa identidad at posisyon ng Diyos. Sa gitna ng ganitong klaseng pagniniig, unti-unting binabago ng tao ang kanyang mga ideya tungkol sa Diyos, na hindi na iniisip na Siya ay nagmula sa kawalan, o pinalalakas ang sarili niyang mga hinala tungkol sa Kanya, o nagkakamali sa pag-unawa sa Kanya, o isinusumpa Siya, o hinuhusgahan Siya, o pinagdududahan Siya. Sa gayon, mababawasan ang mga pakikipagtalo ng tao sa Diyos, at mababawasan ang pakikipaghidwaan niya sa Diyos, at mababawasan ang mga pagkakataon na naghihimagsik ang tao laban sa Diyos. Bagkus, madaragdagan ang pagmamalasakit at pagsunod ng tao sa Diyos, at magiging mas tunay at malalim ang pagpipitagan niya sa Diyos. Sa gitna ng gayong pagniniig, hindi lamang makakamit ng tao ang pagtustos ng katotohanan at ang pagbabago ng buhay, kundi kasabay nito ay magkakamit din siya ng tunay na kaalaman tungkol sa Diyos. Sa gitna ng gayong pagniniig, hindi lamang mababago ng tao ang kanyang disposisyon at matatanggap ang kaligtasan, kundi kasabay nito ay magkakaroon din siya ng tunay na pagpipitagan at pagsamba ng isang nilikha sa Diyos. Sa pagkakaroon ng ganitong klaseng pagniniig, ang pananampalataya ng tao sa Diyos ay hindi na magiging isang blangkong piraso ng papel, o isang pangako sa salita lamang, o isang anyo ng bulag na paghahangad at pag-idolo; sa ganitong klaseng pagniniig lamang lalago ang buhay ng tao tungo sa pagyabong araw-araw, at ngayon lamang unti-unting mababago ang kanyang disposisyon, at ang kanyang pananampalataya sa Diyos, mula sa pagiging malabo at walang-katiyakang paniniwala, ay unti-unting magiging tunay na pagpipitagan, at ang tao, sa proseso ng pagsunod sa Diyos, ay unti-unti ring susulong mula sa pagiging walang-kibo tungo sa pagiging aktibo, mula sa pagiging negatibo tungo sa pagiging positibo; sa ganitong klaseng pagniniig lamang makakarating ang tao sa tunay na pagkaunawa at pagkaintindi sa Diyos, sa tunay na kaalaman tungkol sa Diyos.

Hinango mula sa “Pagkilala sa Diyos ang Landas tungo sa Pagkakaroon ng Takot sa Diyos at Pag-iwas sa Kasamaan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung gaano karaming pagkaunawa ukol sa Diyos ang mayroon sa puso ng mga tao, iyon rin ang lawak na Kanyang hinahawakan sa kanilang mga puso. Kung gaano kalaki ang antas ng kaalaman ukol sa Diyos na nasa kanilang mga puso ay ganoon kadakila ang Diyos sa kanilang mga puso. Kung ang Diyos na kilala mo ay walang laman at malabo, kung gayon ang Diyos na pinaniniwalaan mo ay wala ring laman at malabo. Ang Diyos na kilala mo ay limitado lang sa saklaw ng iyong sariling personal na buhay, at walang kinalaman sa tunay na Diyos Mismo. Kaya, ang pagkilala sa praktikal na mga pagkilos ng Diyos, ang pagkilala sa realidad ng Diyos at Kanyang kapangyarihang walang hanggan, ang pagkilala sa tunay na pagkakakilanlan ng Diyos Mismo, ang pagkilala sa kung ano ang mayroon Siya at kung ano Siya, ang pagkilala sa mga pagkilos na ipinamalas Niya sa lahat ng bagay na Kanyang nilikha—ang mga bagay na ito ay napakahalaga sa bawat isang tao na naghahangad ng kaalaman ukol sa Diyos. Ang mga ito ay may direktang kaugnayan kung makapapasok o hindi ang tao sa katotohanang realidad. Kung iyong lilimitahan ang iyong pagkaunawa sa Diyos sa mga salita lamang, kung lilimitahan mo ito sa kakaunti mong karanasan, sa pagkaunawa mo sa biyaya ng Diyos, o sa kakaunti mong patotoo sa Diyos, kung gayon sasabihin Ko na ang iyong Diyos na pinaniniwalaan ay tiyak na hindi ang tunay na Diyos Mismo. Hindi lamang iyon, ngunit maaari ring sabihin na ang Diyos na pinaniniwalaan mo ay isang likhang-isip na Diyos, hindi ang tunay na Diyos. Ito ay dahil sa ang tunay na Diyos ay ang Siyang namumuno sa lahat, na lumalakad sa gitna ng lahat, na namamahala sa lahat. Siya ang humahawak sa kapalaran ng buong sangkatauhan at ng lahat ng bagay na nasa Kanyang mga kamay. Ang mga gawain at mga pagkilos ng Diyos na Aking sinasabi ay hindi limitado lamang sa maliit na bahagi ng mga tao. Ibig sabihin, hindi ito limitado lamang sa mga tao na sumusunod sa Kanya sa kasalukuyan. Ang Kanyang mga gawa ay ipinamamalas sa lahat ng bagay, sa pagiging buhay ng lahat ng bagay, at sa mga batas ng pagbabago sa lahat ng bagay.

Kung hindi mo makikita o makikilala ang alinman sa mga gawa ng

Diyos sa lahat ng bagay na Kanyang nilikha, kung gayon ay hindi ka maaaring sumaksi sa alinman sa Kanyang mga gawa. Kung hindi ka maaaring sumaksi para sa Diyos, kung patuloy kang nagsasalita tungkol sa maliit na kung tawagin ay “Diyos” na kilala mo, ang Diyos na iyon na limitado sa iyong sariling mga palagay at umiiral lamang sa loob ng iyong makitid na pag-iisip, kung nagpapatuloy kang magsalita tungkol sa gayong uri ng Diyos, kung gayon hindi kailanman pupurihin ng Diyos ang iyong pananampalataya. Kapag sumaksi ka para sa Diyos, kung ginagawa mo lamang ito ayon sa kung paano mo tinatamasa ang biyaya ng Diyos, kung paano mo tinatanggap ang disiplina ng Diyos at ang Kanyang pagkastigo, at kung paano mo tinatamasa ang Kanyang mga biyaya sa iyong pagsaksi para sa Kanya, kung gayon ay lubhang hindi sapat iyon at malayo pa nga sa pagbibigay ng kasiyahan sa Kanya. Kung gusto mong sumaksi sa Diyos sa paraan na nakaayon sa Kanyang kalooban, na sumaksi para sa tunay na Diyos Mismo, kung gayon kailangan mong makita kung anong mayroon Siya at kung ano ang Diyos sa Kanyang mga pagkilos. Kailangan mong makita ang awtoridad ng Diyos sa Kanyang pamamahala sa lahat, at makita ang katotohanan kung paano Siya naglalaan para sa buong sangkatauhan. Kung kinikilala mo lamang na ang iyong pang-araw-araw na ikinabubuhay at ang iyong mga pangangailangan sa buhay ay nagmumula sa Diyos, ngunit hindi mo nakikita ang katotohanang kinukuha ng Diyos ang lahat ng bagay na Kanyang nilikha para tustusan ang buong sangkatauhan, at na sa pamumuno sa lahat ng bagay ay pinangungunahan Niya ang buong sangkatauhan, kung gayon hindi mo kailanman magagawang sumaksi para sa Diyos. Ano ang Aking layunin sa pagsasabi ng lahat ng ito? Ito ay upang huwag ninyo itong balewalain, upang hindi kayo magkamali na maniwala na ang mga paksang ito na Aking tinalakay ay walang kinalaman sa inyong personal na pagpasok sa buhay, at upang huwag ninyong ituring ang mga paksang ito bilang isang uri lamang ng kaalaman o doktrina. Kung pinakikinggan ninyo ang sinasabi Ko nang may ganyang uri ng saloobin, kung gayon ay hindi kayo magtatamo ng anumang bagay. Mawawala ninyo ang malaking

oportunidad na ito na makilala ang Diyos.

Hinango mula sa “Ang Diyos Mismo, ang Natatangi IX” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Bagaman maaaring malalim na magsaliksik ang tao sa agham at sa mga batas na namamahala sa lahat ng bagay, limitado ang saklaw ng pagsasaliksik na iyon, samantalang kinokontrol ng Diyos ang lahat. Para sa tao, walang hanggan ang kontrol ng Diyos. Maaaring gugulin ng tao ang buong buhay niya sa pagsasaliksik sa pinakamaliit na gawa ng Diyos nang walang nakakamtang anumang totoong mga resulta. Ito ang dahilan, kung gamit mo lang ay kaalaman at kung ano ang iyong natutuhan upang pag-aralan ang Diyos, hindi mo kailanman makikilala ang Diyos o mauunawaan Siya. Subali’t kung piliin mo ang daan ng paghahanap sa katotohanan at paghahanap sa Diyos, at tingnan ang Diyos mula sa pananaw ng pagkilala sa Kanya, isang araw, makikilala mo na ang mga gawa at karunungan ng Diyos ay nasa lahat ng dako, at malalaman mo kung bakit tinatawag ang Diyos na Panginoon ng lahat ng bagay at ang pinagmumulan ng buhay para sa lahat ng bagay. Habang mas nagkakamit ka ng gayong pagkaunawa, mas mauunawaan mo rin kung bakit tinatawag ang Diyos na Panginoon ng lahat ng bagay. Ang lahat ng bagay at ang lahat-lahat, kabilang ka, ay patuloy na tumatanggap ng walang-humpay na pagtustos ng Diyos. Magagawa mo ring maramdaman nang malinaw na sa mundong ito, at sa sangkatauhang ito, walang sinuman maliban sa Diyos ang maaaring magkaroon ng kakayahan at ng diwa Niya na mamuno, mamahala, at magpanatili ng pag-iral ng lahat ng bagay. Kapag dumating ka sa pagkaunawang ito, tunay mong kikilalanin na ang Diyos ay ang iyong Diyos. Kapag narating mo ang puntong ito, tunay mong tatanggapin ang Diyos at hahayaan Siyang maging iyong Diyos at iyong Panginoon. Kapag natamo mo na ang gayong pagkaunawa at sumapit na ang iyong buhay sa gayong punto, hindi ka na susubukin at hahatulan pa ng Diyos, ni hihingi Siya ng anuman mula sa iyo, dahil mauunawaan mo ang Diyos, makikilala ang Kanyang puso, at tunay na tatanggapin ang Diyos sa iyong puso.

Hinango mula sa “Ang Diyos Mismo, ang Natatangi VIII” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kapag hindi nauunawaan ng mga tao ang Diyos at hindi nalalaman ang Kanyang disposisyon, hindi kailanman magagawang tunay na magbukas sa Kanya ang kanilang mga puso. Sa sandaling maunawaan na nila ang Diyos, magsisimula silang pahalagahan at lasapin kung ano ang nasa Kanyang puso nang may interes at pananampalataya. Kapag pinahahalagahan at nilalasap mo kung ano ang nasa puso ng Diyos, ang iyong puso ay dahan-dahan, unti-unting, nagbubukas sa Kanya. Kapag nagbubukas ang iyong puso sa Kanya, madarama mo kung gaano kahiya-hiya at kasuklam-suklam ang iyong mga pakikitungo sa Diyos, ang iyong mga hinihingi sa Diyos, at ang iyong sariling labis-labis na mga pagnanais. Kapag tunay na nagbubukas sa Diyos ang iyong puso, makikita mo na ang Kanyang puso ay isang walang hanggang mundo, at papasok ka sa isang dako na hindi mo pa naranasan kailanman. Sa dakong ito ay walang pandaraya, walang panlilinlang, walang kadiliman, at walang kasamaan. Mayroon lang kataimtiman at katapatan; tanging liwanag at karangalan; tanging katuwiran at kagandahang-loob. Puno ito ng pagmamahal at pagmamalasakit, puno ng habag at pagpapaubaya, at sa pamamagitan nito ay nararamdaman mo ang kaligayahan at kagalakan ng pagiging buhay. Ang mga bagay na ito ang ibubunyag sa iyo ng Diyos kapag binuksan mo ang iyong puso sa Kanya. Ang walang hanggang mundong ito ay puno ng karunungan at walang hanggang kapangyarihan ng Diyos; puno rin ito ng Kanyang pag-ibig at ng Kanyang awtoridad. Makikita mo rito ang bawa’t aspeto ng kung anong mayroon at kung ano ang Diyos, kung ano ang nagbibigay sa Kanya ng kagalakan, kung bakit Siya nag-aalala at kung bakit Siya nalulungkot, kung bakit Siya nagagalit…. Ito ang makikita ng bawa’t isang tao na nagbubukas ng kanilang puso at tinutulutang makapasok ang Diyos. Makapapasok lang sa iyong puso ang Diyos kung bubuksan mo ito sa Kanya. Makikita mo lang kung anong mayroon at kung ano ang Diyos, at makikita mo lang ang Kanyang mga intensyon para sa

iyo, kung nakapasok na Siya sa iyong puso. Sa sandaling iyon, matutuklasan mo na napakahalaga ng lahat ng tungkol sa Diyos, na talagang karapat-dapat pakaingatan ang kung anong mayroon at kung ano Siya. Kumpara roon, ang mga taong nakapaligid sa iyo, ang mga bagay at mga pangyayari sa iyong buhay, at maging ang iyong mga mahal sa buhay, ang iyong kapareha, at ang mga bagay na iyong minamahal, ay hindi man lang karapat-dapat na banggitin. Napakaliit ng mga ito, at napakababa; mararamdaman mo na walang materyal na bagay ang muling makahahatak sa iyo, o na may anumang materyal na bagay ang muling makaaakit sa iyo na magbayad ng anumang halaga para rito. Sa pagpapakumbaba ng Diyos ay makikita mo ang Kanyang kadakilaan at ang Kanyang pangingibabaw. Higit pa rito, makikita mo ang walang hanggang karunungan ng Diyos at ang Kanyang pagpapaubaya sa ilang gawa Niya na pinaniwalaan mo noon na masyadong maliit, at makikita mo ang Kanyang pagtitiyaga, ang Kanyang pagtitimpi, at ang Kanyang pag-unawa sa iyo. Magdudulot ito sa iyo ng pagsamba para sa Kanya. Sa araw na iyon, mararamdaman mo na nabubuhay ang sangkatauhan sa isang maruming mundo, na ang mga taong nasa tabi mo at ang mga bagay na nangyayari sa iyong buhay, at maging yaong iyong iniibig, ang kanilang pag-ibig para sa iyo, at ang kanilang tinatawag na pag-iingat o ang kanilang malasakit para sa iyo ay hindi man lang karapat-dapat na banggitin—ang Diyos lang ang iyong minamahal, at ang Diyos lang ang pinakaiingatan mo sa lahat. Kapag dumating ang araw na iyon, naniniwala Ako na magkakaroon ng ilang tao na nagsasabing: Napakadakila ng pag-ibig ng Diyos, at napakabanal ng Kanyang diwa—sa Diyos ay walang panlilinlang, walang kasamaan, walang inggit, at walang alitan, kundi tanging katuwiran at pagiging tunay, at ang lahat ng kung anong mayroon at kung ano ang Diyos ay dapat kasabikan ng mga tao. Dapat itong pagsikapan at hangarin ng mga tao. Sa anong batayan nakatayo ang kakayahan ng mga tao na makamtam ito? Nakatayo ito batay sa pagkaunawa nila sa disposisyon ng Diyos, at sa kanilang pagkaunawa sa diwa ng Diyos. Kaya ang pag-unawa sa disposisyon ng Diyos at kung

anong mayroon at kung ano Siya, ay isang panghabang-buhay na aral sa bawa't tao; isang panghabang-buhay na mithiin na hinahangad ng bawa't tao na nagsisikap na mabago ang kanilang disposisyon, at nagsisikap na makilala ang Diyos.

Hinango mula sa "Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo III" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Madalas na sinasabi ng mga tao na hindi madaling bagay ang makilala ang Diyos. Ngunit sinasabi Ko na ang pagkilala sa Diyos ay hindi talaga isang mahirap na bagay, sapagkat madalas na ipinapakita ng Diyos sa tao ang Kanyang mga gawa. Hindi kailanman itinigil ng Diyos ang Kanyang pakikipag-usap sa sangkatauhan; at hindi Niya kailanman ikinubli ni itinago ang Sarili Niya mula sa tao. Ang Kanyang mga kaisipan, ang Kanyang mga ideya, ang Kanyang mga salita at ang Kanyang mga gawa ay ibinubunyag na lahat sa sangkatauhan. Samakatuwid, hangga't nais ng tao na kilalanin ang Diyos, maaari niyang unawain at kilalanin Siya sa pamamagitan ng lahat ng uri ng mga paraan at pamamaraan. Ang dahilan kung bakit bulag na iniisip ng tao na sinasadyang iwasan siya ng Diyos, na sinasadyang pagtaguan ng Diyos ang sangkatauhan, na ang Diyos ay walang intensyon na pahintulutan ang tao na unawain at kilalanin Siya, ay yaong hindi niya alam kung sino ang Diyos, ni ninanais na maunawaan ang Diyos. Lalong higit pa riyan, wala siyang pakialam sa mga kaisipan, mga salita o mga gawa ng Lumikha…. Sa totoo lang, kung ginagamit lamang ng isa ang kanilang bakanteng oras upang pagtuunan ng pansin at unawain ang mga salita o gawa ng Lumikha, at kung magbibigay sila ng kaunting pansin sa mga kaisipan ng Lumikha at sa tinig ng Kanyang puso, hindi magiging mahirap para sa kanila na mapagtanto na nakikita at malinaw ang mga kaisipan, mga salita at mga gawa ng Lumikha. Gayundin, kakailanganin ang kaunting pagsisikap upang mapagtanto na ang Lumikha ay kasama ng tao sa lahat ng pagkakataon, na lagi Siyang nakikipag-usap sa tao at sa kabuuan ng sangnilikha, at Siya ay gumaganap ng mga bagong gawa sa araw-araw. Ang Kanyang diwa at disposisyon ay ipinahahayag sa Kanyang

pakikipag-usap sa tao; ang Kanyang mga kaisipan at mga ideya ay ganap na ibinubunyag sa Kanyang mga gawa; Sinasamahan Niya at inoobserbahan ang sangkatauhan sa lahat ng pagkakataon. Tahimik Siyang nakikipag-usap sa sangkatauhan at sa buong sangnilikha sa Kanyang tahimik na mga salita: Ako ay nasa kalangitan, at Ako ay kasama ng Aking sangnilikha. Ako ay patuloy na nagmamasid; Ako ay naghihintay; Ako ay nasa iyong tabi…. Ang Kanyang mga kamay ay mainit-init at malakas; ang Kanyang mga yapak ay magaan; ang Kanyang tinig ay mahina at kaaya-aya; ang Kanyang anyo ay pabalik-balik, niyayakap ang buong sangkatauhan; ang Kanyang mukha ay maganda at magiliw. Hindi Siya kailanman lumisan, ni naglaho man. Araw at gabi, Siya ang palaging kasama ng sangkatauhan, hindi umaalis sa kanilang tabi kailanman.

Hinango mula sa "Ang Diyos Mismo, ang Natatangi II" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang "pagkakaroon ng takot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan" at pagkilala sa Diyos ay matibay na pinagkonekta ng napakaraming sinulid, at ang koneksyon sa pagitan ng mga ito ay malinaw. Kung nais ng sinuman na makaiwas sa kasamaan, kailangan muna siyang magkaroon ng tunay na takot sa Diyos; kung nais ng sinuman na magkaroon ng tunay na takot sa Diyos, kailangan muna siyang magtamo ng tunay na kaalaman tungkol sa Diyos; kung nais ng sinuman na magtamo ng kaalaman tungkol sa Diyos, kailangan muna niyang maranasan ang mga salita ng Diyos, pumasok sa realidad ng mga salita ng Diyos, maranasan ang pagtutuwid at pagdidisiplina ng Diyos, ang Kanyang pagkastigo at paghatol; kung nais ng sinuman na maranasan ang mga salita ng Diyos, kailangan muna niyang makaharap ang mga salita ng Diyos, makaharap ang Diyos, at humiling sa Diyos na magbigay ng mga pagkakataong maranasan ang mga salita ng Diyos sa anyo ng lahat ng uri ng sitwasyong sangkot ang mga tao, kaganapan, at bagay; kung nais ng sinuman na makaharap ang Diyos at ang mga salita ng Diyos, kailangan muna siyang magtaglay ng simple at matapat na puso, kahandaang tanggapin ang katotohanan, kagustuhang

tiisin ang pagdurusa, matibay na determinasyon at tapang na iwasan ang kasamaan, at ang hangaring maging isang tunay na nilalang…. Sa ganitong paraan, sa unti-unting pagsulong, lalo kang mapapalapit sa Diyos, lalong magiging dalisay ang puso mo, at lalo pang magiging makabuluhan at mas maningning ang iyong buhay at ang kahalagahan ng pagiging buhay, pati na ang iyong kaalaman tungkol sa Diyos. Hanggang, isang araw, madarama mo na hindi na isang palaisipan ang Lumikha, na hindi kailanman nakatago ang Lumikha mula sa iyo, na hindi kailanman nagkubli ng Kanyang mukha ang Lumikha mula sa iyo, na hindi pala malayo ang Lumikha sa iyo, na hindi na ang Lumikha ang lagi mong pinananabikan sa iyong mga iniisip kundi hindi mo Siya maabot sa iyong damdamin, na talaga at totoong nakabantay Siya sa iyong kaliwa at kanan, tinutustusan ang iyong buhay, at kinokontrol ang iyong tadhana. Hindi Siya natatanaw sa malayo, ni hindi Niya itinago ang Sarili Niya sa mga ulap sa itaas. Siya ay nasa tabi mo mismo, nangangasiwa sa iyong kabuuan, Siya ang lahat ng mayroon ka, at Siya ang tanging mayroon ka. Ang gayong Diyos ay tinutulutan kang mahalin Siya nang taos-puso, kapitan Siya, hawakan Siya nang mahigpit, hangaan Siya, matakot na mawala Siya, at aayawan mong talikuran pa Siya, suwayin pa Siya, o layuan o palayuin pa Siya. Ang tanging gusto mo ay pagmalasakitan Siya, sundin Siya, bayaran ang lahat ng ibinibigay Niya sa iyo, at magpasakop sa Kanyang kapangyarihan. Hindi ka na tumatangging magabayan, matustusan, mabantayan, at maingatan Niya, hindi ka na tumatanggi sa Kanyang idinidikta at itinatakda para sa iyo. Ang tanging nais mo ay sundan Siya, lumakad sa Kanyang tabi, ang tanging nais mo ay tanggapin Siya bilang iyong kaisa-isang buhay, tanggapin Siya bilang iyong kaisa-isang Panginoon, iyong kaisa-isang Diyos.

Hinango mula sa “Pagkilala sa Diyos ang Landas tungo sa Pagkakaroon ng Takot sa Diyos at Pag-iwas sa Kasamaan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Mga Talababa:

a. Ang nakasaad sa orihinal na teksto ay “Ang gawain ng pagkilala sa Diyos.”

b. Ang nakasaad sa orihinal na teksto ay “ito ay simbolo ng pagiging walang kakayahang maging.”

c. Ang nakasaad sa orihinal na teksto ay “pati na rin bilang isang sagisag ng pagiging hindi nagagawang masaktan (at hindi nagpaparayang masaktan).”

165. Ang mga Prinsipyo ng Pagliligtas ng Diyos sa Sangkatauhan Hangga’t Maaari

(1) Labis-labis na nabalot ng katiwalian ang sangkatauhan na ang pinakamaliit na palagay o maling pagkaunawa ay nagbubunsod sa kanilang pagtaksilan ang Diyos. Gayunpaman, hindi sila iniiwan ng Diyos hangga’t mayroong banaag ng pag-asa;

(2) Hindi tatandaan ng Diyos ang mga nakalipas na paglabag ng tao gaano man kalaki ang mga iyon hangga’t nakikilala nila ang kanilang mga sarili at hangga’t tunay silang nagsisisi at nagbabago;

(3) Sa panahong ginagamit ng Diyos ang Kanyang mga salita upang gampanan ang Kanyang gawain, hindi Niya marahang pinaparusahan ang sinuman, ngunit Siya’y nagpapaubaya hangga’t maaari. Nagbibigay Siya ng mga pagkakataon para magsisi;

(4) Ang mga inililigtas ng Diyos ay mga mabubuting taong tunay na nananampalataya sa Kanya. Kinamumuhian at isinusumpa Niya ang mga anticristo, masasamang tao, mahahalay na demonyo at masasamang espiritu. Tiyak na mapapahamak ang mga taong namumuhi sa Diyos.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang layunin ng gawain ng Diyos sa tao ay upang masunod nila ang kalooban ng Diyos, at ginagawa ito upang dalhan sila ng kaligtasan. Kung gayon, sa panahon ng Kanyang pagliligtas sa tao, hindi Niya ginagawa ang gawain ng pagpaparusa sa kanila. Habang naghahatid ng kaligtasan sa tao, hindi pinarurusahan ng Diyos ang masama o ginagantimpalaan ang mabuti, ni hindi Niya ibinubunyag ang mga hantungan ng iba’t ibang klase ng mga tao. Sa halip, pagkatapos ng huling yugto ng Kanyang gawain, saka lamang Niya gagawin ang gawain ng pagpaparusa sa masama at

paggantimpala sa mabuti, at saka pa lamang Niya ibubunyag ang mga katapusan ng lahat ng uri ng mga tao. Yaong mga pinarurusahan ay yaong hindi talaga nagagawang iligtas, samantalang yaong mga inililigtas ay yaong mga nagkamit ng pagliligtas ng Diyos sa panahon ng Kanyang pagliligtas sa tao. Habang ginagawa ang gawain ng pagliligtas ng Diyos, bawat isang tao na maaaring iligtas ay ililigtas hangga't maaari, at walang isa man sa kanila ang itatapon, dahil ang layunin ng gawain ng Diyos ay iligtas ang tao. Lahat sila, sa panahon ng pagliligtas ng Diyos sa tao, na hindi nagagawang magkamit ng pagbabago sa kanilang disposisyon—pati na lahat ng hindi nagagawang lubos na magpasakop sa Diyos—ay magiging mga pakay ng kaparusahan. Ang yugtong ito ng gawain—ang gawain ng mga salita—ay bubuksan sa mga tao ang lahat ng paraan at hiwaga na hindi nila nauunawaan, upang maunawaan nila ang kalooban at mga ipinagagawa ng Diyos sa kanila, at upang mapasakanila ang mga kinakailangan upang maisagawa ang mga salita ng Diyos at magkamit ng mga pagbabago sa kanilang disposisyon. Ang Diyos ay gumagamit lamang ng mga salita upang gawin ang Kanyang gawain at hindi pinarurusahan ang mga tao dahil sa pagiging medyo mapanghimagsik; ito ay dahil ngayon na ang panahon ng gawain ng pagliligtas. Kung parurusahan ang sinumang kumilos nang mapanghimagsik, walang sinumang magkakaroon ng pagkakataon na maligtas; lahat ay parurusahan at babagsak sa Hades. Ang layunin ng mga salita na humahatol sa tao ay upang tulutan silang makilala ang kanilang sarili at magpasakop sa Diyos; hindi ito para parusahan sila sa gayong paghatol. Sa panahon ng gawain ng mga salita, malalantad ang pagkasuwail at paglaban ng maraming tao, gayundin ang kanilang pagsuway sa Diyos na nagkatawang-tao. Gayunpaman, hindi Niya parurusahan ang lahat ng taong ito dahil dito, kundi sa halip ay itatakwil lamang yaong mga tiwali sa kaloob-looban at hindi maaaring iligtas. Ibibigay Niya ang kanilang laman kay Satanas, at sa ilang sitwasyon, wawakasan ang kanilang laman. Yaong mga natira ay patuloy na susunod at mararanasang pakitunguhan at tabasan. Kung, habang sumusunod, hindi pa rin kayang tanggapin ng mga taong ito na

pakitunguhan at tabasan, at lalong sumama nang sumama, mawawalan sila ng pagkakataong maligtas. Bawat taong nagpasakop na sa paglupig ng mga salita ay magkakaroon ng sapat na pagkakataon para maligtas; ang pagliligtas ng Diyos sa bawat isa sa mga taong ito ay magpapakita ng Kanyang lubhang kaluwagan. Sa madaling salita, pakikitaan sila ng lubos na pagpaparaya. Hangga't tumatalikod ang mga tao mula sa maling landas, at hangga't nakakapagsisi sila, bibigyan sila ng Diyos ng mga pagkakataong makamtan ang Kanyang pagliligtas. Sa unang pagsuway ng mga tao sa Diyos, wala Siyang hangad na patayin sila; sa halip, ginagawa Niya ang lahat upang iligtas sila. Kung wala talagang paraang mailigtas ang isang tao, itatakwil sila ng Diyos. Kaya mabagal ang Diyos sa pagparusa sa ilang tao ay dahil nais Niyang iligtas ang lahat ng maaaring mailigtas. Hinahatulan, nililiwanagan, at ginagabayan Niya ang mga tao sa pamamagitan ng mga salita lamang, at hindi Siya gumagamit ng pamalo para patayin sila. Ang paggamit ng mga salita upang iligtas ang mga tao ay ang layunin at kabuluhan ng huling yugto ng gawain.

Hinango mula sa "Dapat Mong Isantabi ang mga Pagpapala ng Katayuan at Unawain ang Kalooban ng Diyos na Maghatid ng Kaligtasan sa Tao" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

May ilang mga tao ang nagsasabi: "Ang aking kalikasan ay hindi mabuti, kaya hayaan ang kalikasan na tahakin ang kanyang daan!" Hindi mo ba kayang talikdan ang laman? Wala ka bang puso at isip? Paano kayo manalangin sa araw-araw? "Laman, lumabas ka! Hayaan ang kalikasan ay tahakin ang sarili nitong daan, itinalaga ito ng Diyos; wala Akong anumang bagay na kinakailangang gawin." Ganito ba ang iyong panalangin? Hindi! Kung gayon bakit hindi ka gumagawang kasama ng Diyos? May ilang mga tao na nakagawa ng maliit na pagkakasala ang magpapalagay: Pababagsakin ba ako ng Diyos? Ang Diyos ay hindi naparito sa panahong ito upang pabagsakin ang mga tao, nguni't sa halip ay upang iligtas ang mga tao sa pinakamalaking lawak na posible. Sino ang lubos na malaya mula sa mga pagkakamali? Kung ang lahat ay pababagsakin, sa gayon

paano ito matatawag na kaligtasan? Ilang mga pagkakasala ang ginagawa nang sadya at ang ibang mga pagkakasala ay ginagawa nang hindi sinasadya. Sa mga bagay na hindi sinasadya, maaari kang magbago matapos mong aminin ang mga yaon, kaya pababagsakin ka ba ng Diyos bago ka magbago? Ganito ba kung paano inililigtas ng Diyos ang mga tao? Hindi ganoon! Hindi alintana kung ikaw ay nagkakasala nang hindi sinasadya o dahil sa suwail na kalikasan, tandaan lamang: Magmadali at gumising sa realidad! Sumulong ka; anuman ang sitwasyong dumarating, dapat kang sumulong. Ang Diyos ay gumagawa upang iligtas ang mga tao at hindi Niya sapalarang pababagsakin ang mga taong nais Niyang iligtas. Hindi alintana ang antas ng iyong pagpapabago, kung sakali mang pinabagsak ka ng Diyos sa katapusan, kung gayon tiyak na gagawin Niya ito sa pagkamatuwid; kapag dumating ang panahong iyon, ipauunawa Niya ito sa iyo. Sa ngayon ang tanging responsibilidad mo ay ang sumulong, hanapin ang pagpapabago at hanapin na mabigyang-kasiyahan ang Diyos; dapat mo lamang na pagmalasakitan ang pagtupad ng iyong tungkulin ayon sa kalooban ng Diyos. Walang pagkakamali rito! Sa kasukdulan, anuman ang pamamaraan kung paano ka pinakikitunguhan ng Diyos, palagi itong ginagawa sa pagkamatuwid; hindi ka dapat magduda rito o mag-alala tungkol dito; kahit na hindi mo nauunawaan ang pagkamatuwid ng Diyos sa ngayon, darating ang araw na ikaw ay makukumbinsi. Ang Diyos ay tiyak na hindi tulad ng isang opisyal ng gobyerno o ng hari ng mga dyablo! Kapag inyong maingat na sinubukang unawain ang aspetong ito, sa gayon kayo sa huli ay matatag na maniniwala na ang gawain ng Diyos ay ang pagliligtas ng mga tao at pagpapabago sa mga disposisyon ng mga tao. Yamang ito ay ang gawain ng pagpapabago ng mga disposisyon ng mga tao, kapag ang mga tao ay hindi ibinunyag ang kanilang mga disposisyon, sa gayon ay walang maaaring magawa at walang magiging mga resulta. Subali’t matapos mong maibunyag ang iyong disposisyon, ang pagpapatuloy ay magiging magulo, ito ay makakasiphayo sa administratibong mga atas at makakasakit sa Diyos. Paminsan-minsan hindi mo namamalayang ikaw ay nagiging talipandas at

itinuturo sa iyo ito ng Diyos, pinupungusan ka, at pinakikitunguhan ka; kung gagawa ka nang mas mahusay, hindi ka papapanagutin ng Diyos. Ito ang normal na proseso ng pagpapabago; ang tunay na kabuluhan ng gawain ng pagliligtas ay ipinakita sa ganitong proseso. Ito ang susi! Kunin halimbawa ang mga hangganan sa pagitan ng kalalakihan at kababaihan; ngayon ikaw ay kumikilos sa simbuyo na hawakan ang kamay ng isang tao, nguni't kapag nagbalik ka naisip-isip mo: Hindi ba ito isang imoral na pag-uugali? Hindi ba ito isang kasalanan? Hindi ba isang paglapastangan sa Diyos kapag ang hangganan sa pagitan ng kalalakihan at kababaihan ay hindi pinananatili? Paano ko magagawa ang ganitong uri ng bagay? Kung gayon darating ka sa harap ng Diyos at mananalangin: "O Diyos! Ako ay nagkasalang muli; ang bagay na ito ay hindi naaayon sa katotohanan at nasusuklam ako sa tiwaling laman!" Pagkatapos nito, magtatatag ka ng isang resolusyon na hindi na hihipo o masyadong lalapit sa kanila. Hindi ba ito pagpapabago? Kung mayroon kang ganitong uri ng pagpapabago, kokondenahin ka pa ba ng Diyos sa paghawak sa kanilang mga kamay? Kung hinawakan mo ang kanilang mga kamay at hindi nakaramdam nang tama tungkol dito, at hindi mo inaamin ang iyong kasalanan sa Diyos, iniisip na hindi iyon isang kahiya-hiyang bagay, at hindi mo kinasusuklaman ang iyong sarili, manatiling alerto, o magtakda ng isang resolusyon, sa gayon pagkatapos noon hindi mo lamang basta hahawakan ang kanilang mga kamay, yayakapin mo pa sila! Ang mga bagay-bagay ay magiging higit at mas seryoso at maghahantong sa iyo na magkasala, at sa paggawa ng gayon, kokondenahin ka ng Diyos sa iyong mga kasalanan; magkakasala ka nang paulit-ulit, ito ay wala nang lunas. Kung tunay mong di-sinasadyang ibinunyag kahit kaunti ng isang tiwaling disposisyon, kung kaya mong magsisi, kung gayon hindi ka kokondenahin ng Diyos at ikaw ay maaari pa ring maligtas. Nais ng Diyos na iligtas ang mga tao, at imposible para sa mga kalikasan ng mga tao na hindi mabunyag ng ilang antas; gayunpaman, dapat mong bigyang-pansin ang pagsisisi at pagbabago ng mabilisan. Hindi ba ito magbibigay-kasiyahan sa kalooban ng Diyos? May ilang mga tao ang hindi naniniwala dito at palaging nagbubuo ng isang

mapag-ingat na saloobin sa Diyos; ang ganitong uri ng tao ay magdurusa sa malao't madali.

Ito ay dati nang nabanggit: Ang mga pangyayari sa nakaraan ay mabubura sa pamamagitan ng sulat ng isang pluma; ang hinaharap ay maaaring magamit upang mapalitan ang nakaraan; ang pagpaparaya ng Diyos ay walang-hanggan. Subali't ang mga salitang ito ay may prinsipyo sa kanila; ito ay hindi ang kaso na gaano man kalaki ang kasalanang nagawa mo sa katapusan, mabubura ng Diyos sa isang kudlit; lahat ng gawain ng Diyos ay may prinsipyo. Sa nakaraan mayroong isang uri ng administratibong atas: Siya na gumawa ng isang tiyak na kasalanan bago tanggapin ang pangalan ng Diyos, hayaan siyang sumali; kapag ginagawa niyang muli ang kasalanang yaon pagkatapos niyang pumasok, pakitunguhan siya sa isang tiyak na paraan; kung ginagawa niya ang kasalanang iyon nang paulit-ulit, kung gayon paalisin siya. Palaging napapatawad ng Diyos ang mga tao sa pinakamalaking lawak na posible sa Kanyang gawain; mula sa kinatatayuang ito, makikita na ang gawaing ito ay tunay na gawain ng pagliligtas ng mga tao. Nguni't sa huling yugtong ito kapag gumagawa ka pa rin ng ilang di-mapapatawad na mga kasalanan, hindi ka maaaring mapagaling o maaaring mapagbago. May proseso ang Diyos para sa pagbabago ng mga disposisyon ng mga tao at para sa pagliligtas ng mga tao. Sa pamamagitan ng proseso ng pagbubunyag ng mga tao ng kanilang mga disposisyon, sila'y pababaguhin ng Diyos; sa pamamagitan ng proseso ng patuloy na pagbubunyag at pagpapabago ng mga tao ng kanilang mga disposisyon, natatamo ng Diyos ang Kanyang layunin ng pagliligtas. May ilang tao ang nag-iisip: Dahil ito ay aking kalikasan, sa gayon aking ilalantad ito hangga't maaari! Pagkatapos nito, kikilalanin ko ito at isasagawa ang katotohanan. Ang proseso bang ito ay kinakailangan? Kung ikaw ay tunay na isang tao na katotohanan, at kung nakikita mo na ikaw ay may ilang problema rin na mayroon ang iba, kung gayon gagawin mo ang iyong pinakamahusay upang iwasang gumawa ng ganoong mga bagay. Ito ba ay hindi isang di-tuwirang pagpapabago? Kung minsan, iniisip mong gawin iyon sa ganoong paraan,

nguni't bago mo gawin iyon, namumulat ka at tinatalikdan ito. Hindi ba nito natatamo ang kinalabasan ng kaligtasan? May isang proseso para sa pagsasagawa ng bawa't katotohanan; imposible para sa iyo na maging perpekto at hindi nagkaroon ng nahaluang mga pag-iisip nang una kang magsimulang magsagawa. Mayroon pa ring maraming mga bagay na kung saan ikaw ay ganap na umaasa sa iyong sariling mga iniisip, subali't matapos kang pinakitunguhan at mapungusan, ikaw sa kasukdulan ay kikilos nang ganap na alinsunod sa mga intensyon at mga salita ng Diyos. Ito ang pagbabago at pagpapabago.

Hinango mula sa "Ang Kalooban ng Diyos ay Iligtas ang Mga Tao Hangga't Maaari" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sa Kapanahunan ng Biyaya, sinabi na nais ng Diyos na ang bawat tao ay maligtas at hindi nais na ang sinuman ay magdusa ng walang-hanggang kapahamakan. Gayon ang saloobin at damdamin ng Diyos sa pagliligtas sa sangkatauhan, na ginawang tiwali ni Satanas. Ito ang hangad ng Diyos, subalit sa katotohanan, hindi tinatanggap ng maraming tao ang pagliligtas ng Diyos; sila ay kay Satanas at hindi sila maliligtas. Ipinapakita ng mga salitang ito ang saloobin ng Diyos patungkol sa buong sangkatauhan: Ang Kanyang pagmamahal ay walang-hangganan, walang-katulad ang lawak nito, at ito'y makapangyarihan. Ngunit sa mga taong kinamumuhian ang katotohanan, hindi maluwag sa loob Niya na malayang ibigay ang Kanyang pagmamahal at pagliligtas, ni hindi Niya gagawin ang gayon. Ito ang saloobin ng Diyos. Ano ang katulad na rin ng pagkamuhi sa katotohanan? Ito ba ang pagsalungat laban sa Diyos? Ito ba ang hayagang pakikipag-alitan sa Diyos? Katulad na rin ito ng hayagang pagsasabi sa Diyos na, "Hindi ako nasisiyahang pakinggan kung ano ang dapat Mong sabihin. Kung hindi ko ito gusto, kung gayon hindi ito katotohanan, at hindi ko ito tatanggapin bilang katotohanan. Magiging katotohanan lamang ito kapag tinatanggap ko ito at nagugustuhan ko ito." Kapag may ganyan kang saloobin patungkol sa katotohanan, hindi ba ito hayagang pakikipag-alitan sa Diyos? Kung hayagan kang nakikipag-alitan sa Diyos, ililigtas ka ba ng

Diyos? Hindi. Ito mismo ang pinakadahilan ng pagkapoot ng Diyos. Ang diwa ng uri ng mga taong kinamumuhian ang katotohanan ay pakikipag-alitan sa Diyos. Hindi itinuturing ng Diyos bilang tao ang mga taong may ganitong diwa; itinuturing Niya sila bilang mga kaaway, bilang mga demonyo, at hindi sila kailanman ililigtas. Ito ang kahayagan ng poot ng Diyos.

Hinango mula sa "Napakahalaga ng Pag-unawa sa Katotohanan sa Wastong Pagtupad ng Tungkulin ng Isang Tao" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kinamuhian ng Diyos ang tao dahil ang tao ay kumakalaban sa Kanya, ngunit sa Kanyang puso, ang Kanyang pag-aalaga, pagmamalasakit, at awa para sa sangkatauhan ay nanatiling hindi nagbabago. Kahit noong nilipol Niya ang sangkatauhan, ang puso Niya'y nanatiling hindi nagbago. Noong ang sangkatauhan ay napuno ng katiwalian at naging suwail sa Diyos hanggang sa isang nakapanghihinang punto, kinailangan ng Diyos na wasakin ang sangkatauhan, dahil sa Kanyang disposisyon at Kanyang diwa, at alinsunod sa Kanyang mga panuntunan. Ngunit dahil sa diwa ng Diyos, kinaawaan pa rin Niya ang sangkatauhan, at nagnais pang gumamit ng iba't ibang mga paraan upang tubusin ang sangkatauhan nang makapagpatuloy silang mabuhay. Gayunman, nilabanan ng tao ang Diyos, nagpatuloy na sumuway sa Diyos, at tinanggihan na tanggapin ang pagliligtas ng Diyos, na ang ibig sabihin, tinanggihan na tanggapin ang Kanyang mabubuting layunin. Kahit paano man sila tinawag ng Diyos, pinaalalahanan, tinustusan, tinulungan, o pinagbigyan, hindi ito naunawaan o pinahalagahan ng tao, at ni hindi rin sila nagbigay-pansin. Sa kabila ng sakit Niyang nadama, hindi pa rin kinalimutan ng Diyos na ipagkaloob sa tao ang pinakamataas na antas ng Kanyang pagpaparaya, naghihintay na baliktarin ng tao ang kanyang direksiyon. Matapos Niyang maabot ang Kanyang hangganan, ginawa Niya ang dapat Niyang gawin nang walang anumang alinlangan. Sa madaling sabi, may partikular na panahon at proseso mula sa sandaling binalak ng Diyos na lipulin ang sangkatauhan hanggang sa pagsisimula ng Kanyang gawain na paglipol sa

sangkatauhan. Umiral ang ganitong proseso upang bigyang-kakayahan ang tao na baliktarin ang kanyang direksiyon, at ito ang huling pagkakataon na ibinigay ng Diyos sa tao. Kaya ano ang ginawa ng Diyos sa panahong ito bago lipulin ang sangkatauhan? Napakaraming pagpapaalala at masidhing paghihikayat ang ginawa ng Diyos. Kahit gaano pa katindi ang sakit o pighating pinagdadaanan ng puso ng Diyos, patuloy Niyang ibinigay ang Kanyang pag-aalaga, malasakit, at masaganang awa sa sangkatauhan. Ano ang nakikita natin mula rito? Walang duda, nakikita natin na ang pag-ibig ng Diyos para sa sangkatauhan ay totoo at hindi bukang-bibig lamang. Ito ay tunay, nadarama at may halaga, hindi huwad, marumi, mapandaya o mapagkunwari. Hindi kailanman gumagamit ang Diyos ng anumang pandaraya o lumilikha ng mga huwad na larawan para ipakita sa mga taong Siya ay kaibig-ibig. Hindi Siya kailanman gumagamit ng di-tunay na patotoo para maipakita sa mga tao ang Kanyang pagiging kaibig-ibig, o ipangalandakan ang Kanyang pagiging kaibig-ibig at kabanalan. Hindi ba karapat-dapat para sa pag-ibig ng tao ang mga aspetong ito ng disposisyon ng Diyos? Hindi ba karapat-dapat sambahin ang mga ito? Hindi ba karapat-dapat itangi ang mga ito? Sa puntong ito, nais Ko kayong tanungin: Matapos ninyong marinig ang mga salitang ito, sa palagay ba ninyo ang kadakilaan ng Diyos ay pawang mga salita lamang sa isang pilas ng papel? Ang pagiging kaibig-ibig ba ng Diyos ay mga hungkag na salita lamang? Hindi! Tiyak na hindi! Ang pangingibabaw ng Diyos, ang Kanyang kadakilaan, kabanalan, pagpaparaya, pag-ibig, at iba pa—lahat ng detalye ng bawat isa sa iba't ibang aspeto ng disposisyon at diwa ng Diyos ay nakakakita ng praktikal na pagpapahayag tuwing ginagawa Niya ang Kanyang gawain, ay nakapaloob sa Kanyang kalooban para sa tao, at natutupad at nasasalamin din sa bawat tao. Nadama mo man dati ito o hindi pa, inaalagaan ng Diyos ang bawat tao sa bawat posibleng paraan, gamit ang Kanyang tapat na puso, karunungan, at iba't ibang kaparaanan upang mapainit ang puso ng bawat tao, at magising ang espiritu ng bawat tao. Ito ay isang di-matututulang katunayan.

Hinango mula sa "Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo I" sa

Sa nakalipas, ang ilang tao ay napaalis na mula sa iglesia dahil sa paggawa ng masasamang bagay, at tinanggihan na sila ng kanilang mga kapatiran. Matapos magpagala-gala sa loob ng ilang taon, nakabalik na sila ngayon. Isang mainam na bagay ang hindi nila tuluyang pag-iwan sa Diyos; nagbibigay ito sa kanila ng pagkakataon at ng pag-asa na maligtas. Kung tumakbo silang palayo at tumigil sa paniniwala, naging katulad ng mga di-mananampalataya, ganap na silang walang masusulingan. Kung sila ay kagyat na makapagbabago, may pag-asa pa sa kanila; ito ay bihira at mahalaga. Paano man kumilos ang Diyos, at paano man Siya makitungo, mamuhi, o masuklam sa mga tao, kung darating ang araw na kagyat na makapagbabago sila, Ako ay lubhang magiginhawaan, dahil mangangahulugan ito na mayroon pa rin silang kaunting puwang sa kanilang puso para sa Diyos, na hindi nila ganap na naiwala ang kanilang pantaong katinuan o ang kanilang pagkatao, na nais pa rin nilang maniwala sa Diyos, at na kahit paano ay mayroon silang bahagyang intensyon na kilalanin Siya at bumalik sa harapan Niya. Sino man ang lumilisan sa tahanan ng Diyos, kung sila ay bumalik, at pinahahalagahan pa rin nila ang pamilyang ito, kahit paano ay madamdaming mapapalapit Ako at bahagyang magiginhawaan dito. Gayunpaman, kung hindi sila bumalik kailanman, iisipin Ko na ito'y kahabag-habag. Kung makababalik sila at magsimulang matapat na maniwala sa Diyos, talagang mapupuno ng kasiyahan ang Aking puso. Kapag ikaw ay lumayo, tiyak na bahagya kang nagiging negatibo, at nasa masamang kalagayan; kung makababalik ka ngayon, gayunman, nagpapatunay ito na mayroon ka pa ring pananampalataya sa Diyos. Gayunpaman, kung makakaya mo man o hindi na patuloy na sumulong ay isang bagay na di-batid, sapagka't napakabilis magbago ng mga tao. Sa Kapanahunan ng Biyaya, nagkaroon si Jesus ng awa at biyaya para sa mga tao. Kung ang isa sa sandaang tupa ay naligaw, iiwan Niya ang siyamnapu't siyam upang hanapin ang isa. Ang pangungusap na ito ay hindi naglalarawan ng isang uri ng mekanikal na

pamamaraan, ni tuntunin; sa halip, ipinakikita nito ang agarang intensyon ng Diyos na maghatid ng kaligtasan sa mga tao, pati na rin ng Kanyang malalim na pagmamahal para sa kanila. Hindi ito isang paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay; ito ay isang uri ng disposisyon, isang uri ng pag-iisip. Sa gayon, lumilisan ang ilang tao nang anim na buwan o isang taon, o datapuwa't marami ang taglay na mga kahinaan o datapuwa't dumaranas ng maraming maling kuro-kuro, at gayunma'y ang kakayahan nilang gumising kalaunan sa realidad, magkamit ng kaalaman at kagyat na magbago, at bumalik sa tamang landas ay lalo nang nagpapaginhawa sa Akin at nagdudulot sa Akin nitong kapirasong katuwaan. Sa mundong ito ng pagsasaya at karangyaan, at sa masamang kapanahunang ito, ang kakayahang manindigan, kilalanin ang Diyos, at makabalik sa tamang landas ay mga bagay na nagdudulot ng bahagyang ginhawa at kasabikan. Ang pagpapalaki ng mga anak, halimbawa: Mapagmahal man sila sa magulang o hindi, ano ang iyong mararamdaman kung hindi ka nila kinilala, at nilisan ang tahanan, na hinding-hindi na magbabalik? Sa kaibuturan, mananatili ka pa ring nagmamalasakit sa kanila, at palagi kang magtataka, "Kailan babalik ang aking anak? Nais ko siyang makita. Maging anupaman, anak ko siya, at hindi walang-saysay na pinalaki at minahal ko siya." Ganito ka laging mag-isip; lagi kang nananabik sa pagdating ng araw na iyon. Gayon din ang nararamdaman ng lahat hinggil sa bagay na ito. Mababa ang tayog ng mga tao sa panahong ito, nguni't darating ang araw na mauunawaan nila ang kalooban ng Diyos, maliban na lang kung hindi sila nagkikimkim ng kahit kapirasong pagnanais na maniwala at hindi tinatanggap na Siya ang Diyos.

Hinango mula sa "Ang Mga Taong Gumagawa ng Palagiang Paghingi sa Diyos ang Pinaka-hindi-makatwirang Mga Tao" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Anong mga kuro-kuro ang nasa kalooban ng inyong puso na namumuno sa inyong pag-uugali? Kapag may nangyari sa iyo na hindi ayon sa iyong kagustuhan, karaniwang lumlitaw ang mga kuro-kurong ito, at hinahayaan kang magreklamo sa Diyos, makipagtalo at

makipagkumpitensya sa Diyos, at magdadala sila ng mabilis na pagbabago sa iyong ugnayan sa Diyos: Mula sa pakiramdam na mahal mo ang Diyos at tapat ka sa Kanya, at nais na italaga ang iyong buong buhay sa Kanya, tulad ng ginawa mo sa simula, biglang mapupunta ka sa hindi pagnanais na maging tapat sa Diyos, sa hindi nais na gumanap ng iyong tungkulin, at pagsisisihan mo ang iyong paniniwala sa Diyos, pagsisisihan mong pinili mo ang landas na ito, at magreklamo pa tungkol sa pagpili sa ito ng Diyos. Anong mga kuro-kuro ang biglang nagdulot ng malaking pagbabago sa iyong ugnayan sa Diyos? (Kapag nag-aayos ang Diyos ng pangyayari upang subukin ako, at sa palagay kong may pagkakataong maaaring wala akong kalalabasan, bumubuo ako ng mga kuru-kuro tungkol sa Diyos. Pakiramdam kong hangga't hindi ko pinababayaan ang Diyos sa aking pananampalataya, hindi Niya ako iiwan.) Iyon ay isang uri ng kuro-kuro. Madalas ba kayo magkaroon ng gayong mga kuro-kuro? Ano ang pag-unawa ninyo sa tinatalikuran ng Diyos? Ang paniniwala na kung iwan ka ng Diyos, ayaw ka ng Diyos at hindi ka Niya ililigtas, ay isang uri ng kuru-kuro. Kaya paano nagkakaroon ng gayong kuro-kuro? Nagmula ba ito sa iyong haka-haka, o mayroon itong batayan? Paano mo nalamang hindi ka bibigyan ng Diyos ng resulta? Sinabi ba sa iyo ng Diyos nang personal? Ang gayong mga saloobin ay inilarawan mo sa isip, di ba? Ngayon alam mo na ito ay isang kuru-kuro; ang pangunahing tanong ay kung paano ito malulutas. Ang pinakasimpleng paraan ay ito: Dahil alam mong ito ay kuru-kuro, dapat mong ilagay ito sa isang tabi at hanapin ang katotohanan, at tingnan kung ano ang hinihiling sa iyo ng Diyos. Kapag ang sarili mong mga kuru-kuro sumalungat sa hinihiling ng Diyos, at napagtanto mo ito ngunit kumakapit pa rin sa kanila, wala kang pagpasok sa buhay kung gayon; ang tayog mo ay sadyang kaawa-awa. Bukod dito, lalong sensitibo ang mga tao patungo sa sarili nilang wakas at patutunguhan, at sa mga pagsasaayos ng kanilang tungkulin at ang mapalitan sa kanilang tungkulin. Ang ilang tao ay madalas na tumatalon sa maling konklusyon tungkol sa mga naturang bagay, iniisip na sa sandaling mapalitan sila sa kanilang tungkulin at wala na silang katayuan, o sabihin ng Diyos na ayaw na Niya o

hindi na Niya sila gusto, tapos na ang lahat sa kanila kung gayon. Ito ang konklusyon na kinahinatnan nila. Naniniwala silang walang kabuluhang maniwala sa Diyos, at naniniwala na, dahil ang kanilang wakas ay itinakda sa bato at hindi sila gusto ng Diyos, walang kahulugan ang mabuhay. Ang iba, naririnig ang gayong mga saloobin, iniisip silang makatwiran at marangal—ngunit anong uri ng kaisipan ito, sa totoo lang? Ito ay paghihimagsik laban sa Diyos, ito ay pagkabigo. Ano ang diwa ng kanilang pagkabigo? Ito ay kamangmangan sa kung paano pakitunguhan ng Diyos ang mga tao. Alam ba ng Diyos kung kailan pinapabayaan ng mga tao ang kanilang sarili sa kawalan ng pag-asa? Paano pinakikitunguhan ng Diyos ang gayong mga tao? Sinasabi ng iba, “Nagbayad ang Diyos ng napakahirap na halaga para sa tao, gumawa Siya ng maraming gawain sa bawat tao, at nagsumikap; hindi madali para sa Diyos na pumili at magligtas ng isang tao. Napakasakit para sa Diyos kung tatalikuran ng taong ito ang kanilang sarili para mawalan ng pag-asa, at umaasang sa bawat araw na ay maitatayo nila ang kanilang mga sarili.” Ito ang kahulugan sa mababaw na antas, ngunit sa katunayan, ito rin ay isa ring kuru-kuro ng tao. May particular na pag-uugali ang Diyos sa mga ganoong tao: Kung iiwan mo ang iyong sarili sa kawalan ng pag-asa at hindi subukang sumulong, sinabi Niya na maaari kang manatili sa iyong kinaroroonan kung nais mo; Hindi ka niya pipigilan. Kung sasabihin mo na, “Nais ko pa ring gampanan ang tungkulin ng isang nilikha, gawin ang lahat ng magagawa ko upang maisagawa ang mga hinihingi ng Diyos, at mabigyang kasiyahan ang kalooban ng Diyos. Gagawin ko ang lahat sa loob ng aking lakas at kakayahan; Hindi ako susuko sa hinihiling sa akin ng Diyos,” sinabi ng Diyos na kung handa kang mamuhay sa ganitong paraan, at magpatuloy sa pagsunod, ngunit dapat mong gawin ang hinihiling ng Diyos; Ang mga pamantayan ng mga kinakailangan at prinsipyo ng Diyos ay hindi nagbabago. Ano ang ibig sabihin ng mga salitang ito? Ibig nilang sabihin na ang mga tao lamang ang maaaring iwan ang kanilang sarili; Hindi kailanman iiwan ng Diyos ang sinuman. Dahil sinumang makakakuha sa kalaunan ng kaligtasan at masdan ang Diyos, na lumilikha ng

karaniwang na ugnayan sa Diyos, at kayang humarap sa Diyos, hindi ito isang bagay na maaaring makamit pagkatapos ng pagkabigo o pagharap sa pagtatabas at pinakitunguhan nang isang beses, o pagkatapos hatulan at parusahan ng isang beses. Bago ginawang ganap si Pedro, daan-daang beses na siyang pinino. Sa mga nananatili pagkatapos ng paglilingkod hanggang sa wakas, wala ni isa man ang nakaranas lamang ng mga pagsubok at pagpipino nang walo o sampung beses bago makarating hanggang sa katapusan. Hindi ba ito ang pag-ibig ng Diyos? Ito ang ugali ng Diyos sa tao.

Hinango mula sa "Sa pamamagitan lamang ng Paglutas ng mga Kuro-kuro Maaaring Makapasok sa Tamang Landas ng Paniniwala sa Diyos (1)" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Dahil sa isang salita mula sa Diyos, madalas na iniisip ng mga taong nagkaroon na ang Diyos ng konklusyon tungkol sa kanila, na iniwan na Niya sila—at bilang bunga, ayaw na nilang magpatuloy sa pagsunod sa Diyos at sumulong. Sa katunayan, hindi mo nauunawaan kung ano ang pag-iwan; ang pag-iwan mo sa iyong sarili ay ang tunay na pag-iwan. Minsan, ang mga salitang tinutukoy ng Diyos sa iyo ay binibigkas lamang sa galit; Hindi Siya sa anumang paraan darating sa isang konklusyon tungkol sa iyo, ni hindi ka Niya isinusumpa, higit na hindi ang Kanyang huling parusa, at hindi Niya itinatakda ang iyong huling patutunguhan. Ang mga ito ay walang iba kundi mga salitang humahatol at nakikitungo sa iyo. Pinag-uusapan nila ang taimtim na pag-asa ng Diyos para sa iyo, ang mga ito ay mga salita upang ipaalala at bigyan ka ng babala, at sila ay mga salita mula sa loob ng puso ng Diyos. Gayunpaman may ilang mga nahuhulog at pinababayaan ang Diyos bilang bunga ng mga salitang ito ng paghuhukom. Mayroong ilang mahihina sa ilang sandali at humaharap sa Diyos at sinasabing, "Hindi ito sapat. Dapat akong magpatuloy at gawin ang hinihiling ng Diyos. Kung iiwan ng mga tao ang Lumikha, ang kanilang mga buhay ay nawawalan ng halaga ng pamumuhay. Upang mabuhay sa halaga ng isang nilikha, dapat kong panatilihin ang pagsunod sa Diyos."

Kaya paano nila susundin ang Diyos? Hindi nila dapat sundin tulad ng dati. Dati, hindi sila naging tapat sa kanilang tungkulin. Hindi nila matanggap ang pagtabas at pakikitungo, at palaging nagrereklamo pagkatapos ng pagdurusa ng konting paghihirap. Hindi mo na kailangang lakaran ang landas na iyon, dapat kang lumakad sa ibang paraan, dapat mong gawin ang hiniling ng Diyos, at kung sabihin ng Diyos na mali ka, hindi ka dapat tumalon sa anumang konklusyon gamit ang iyong mga kuru-kuro at haka-haka, at subukang tumayo labanan ang Diyos; dapat kang magpasakop, at aminin na ikaw ay mali. Hindi ba ito ang landas sa pagsasagawa? Lumalayo ba ang mga tao sa Diyos kapag mayroon silang landas sa pagsasgawa? May mga pagkakataong naniniwala ang mga tao na iniwan na sila ng Diyos—ngunit sa katunayan, hindi ka pinabayaan ng Diyos, nahahanap ka Niya (mga) kasuklam-suklam, at hindi nais na pakinggan ka. Gayunpaman, hindi ka Niya pinabayaan ng totoo. Mayroong mga nagsisikap na gampanan ang kanilang tungkulin sa bahay ng Diyos, ngunit dahil sa kanilang diwa at iba`t ibang mga bagay na ipinakita nila, talagang pinabayaan sila ng Diyos; hindi sila totoong pinili, ngunit nagbigay lamang ng paglilingkod para sa isang panahon. May ilan, samantala, na ginagawa ng Diyos ang kanyang makakaya upang disiplinahin, parusahan, at hatulan; Gumagamit siya ng iba’t ibang paraan ng paggamot sa mga ito na salungat sa mga kuru-kuro ng tao. Hindi nauunawaan ng ibang tao, at iniisip na pinag-iinitan sila ng Diyos at sinasaktan. Iniisip nilang walang karangalan sa pamumuhay sa harap ng Diyos, hindi na nila nais na saktan pa ang Diyos, at pasanin sa kanilang sarili na iwanan ang Diyos. Iniisip nila na ang paraan ng kanilang pamumuhay ay makatuwiran, at sa gayon ay pinapawan nila sa kanilang sarili na iwanan ang Diyos—ngunit sa katunayan, hindi sila pinabayaan ng Diyos. Ang mga nasabing tao ay walang kinalaman sa kalooban ng Diyos. Ang mga ito ay sobra ang pagiging madamdamin, hanggang sa sumuko sa kaligtasan ng Diyos. May konsensya ba talaga sila? May mga panahong iniiwasan ng Diyos ang mga tao, at mga panahong inilalagay Niya sila sa isang tabi sa isang panahon upang pagnilayan nila ang kanilang mga sarili, ngunit hindi sila totoong

pinabayaan ng Diyos; Binibigyan Niya sila ng pagkakataong magsisi, at hindi totoong pinababayaan sila. Totoong iniiwan ng Diyos ang mga anticristo at ang masasamang gumawa ng maraming masasamang gawain. Sabi ng iba, “Pakiramdam ko ay wala akong gawain ng Banal na Espiritu at matagal na akong wala ng liwanag ng Banal na Espiritu. Iniwan na ba ako ng Diyos?” Ito ay maling pakahulugan. Sasabihin mong iniwan ka ng Diyos, na hindi ka Niya ililigtas, kaya’t tinalaga Niya ang iyong wakas? May mga pagkakataong hindi mo maramdaman ang gawain ng Banal na Espiritu. Ngunit pinagkaitan ka ba ng Diyos ng karapatan na basahin ang Kanyang mga salita? Ikaw nagmamay-ari ng normal na pag-iisip ng tao, at ang landas sa kaligtasan ay hindi hinaharangan sa iyo, kaya bakit ka nalulungkot? Wala sa mabuting kalagayan ang mga tao, hindi nila hinahanap ang katotohanan upang malutas ito, ngunit sa halip ay laging sinisisi ang Diyos, na sinasabing “Diyos, Ayaw mo sa akin, kaya ayaw ko rin sa Iyo.” Ito ay hindi lamang pagkakaroon ng tamang kadahilanan.

Hinango mula sa “Sa pamamagitan lamang ng Paglutas ng mga Kuro-kuro Maaaring Makapasok sa Tamang Landas ng Paniniwala sa Diyos (1)” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Ayaw Kong makita ang sinuman na nagdaramdam na tila ba iniwan silang nag-iisa ng Diyos, na pinabayaan sila ng Diyos o tinalikuran Niya sila. Nais Ko lamang makita na ang lahat ay nasa daan upang hanapin ang katotohanan at naghahangad na maunawaan ang Diyos, matapang na nagpapatuloy sa paglalakad na may matibay na kalooban, na walang mga pangamba, walang dinadalang mga pasanin. Maging anumang mga kamalian ang nagawa mo, gaano man kalayo kang naligaw o gaano ka man lumabag, huwag hayaan ang mga ito na maging mga pasanin o dagdag na pabigat na dadalhin mo sa iyong paghahangad na maunawaan ang Diyos: Ipagpatuloy mo ang paglalakad nang pasulong. Sa lahat ng panahon, hawak ng Diyos ang kaligtasan ng tao sa Kanyang puso; hindi ito kailanman nagbabago: Ito ang pinakamahalagang bahagi ng diwa ng Diyos.

Hinango mula sa “Ang Diyos Mismo, ang Natatangi VI” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Dapat nating ipasiya na gaano man kaseryoso ang ating mga kalagayan, anumang uri ng paghihirap ang dumarating sa atin, gaano man tayo kahina, o gaano ka-negatibo, hindi dapat tayo mawalan ng pananampalataya sa pagbabago ng disposisyon, ni sa mga salitang binitiwan ng Diyos. Binigyan ng Diyos ang tao ng pangako, at dapat magkaroon ang tao ng pagpapasiya at pagtitiyaga upang matanggap ang pangakong ito. Ayaw ng Diyos ang mga duwag, gusto ng Diyos ang mga taong may pagpapasiya. Maaaring nagpahayag ka na ng maraming katiwalian, maaaring tumahak ka na ng maraming baluktot na landas, o gumawa ng maraming paglabag, o dating lumaban sa Diyos; o di kaya, maaaring mayroong kalapastanganan, o mga pagmamaktol, o paglaban sa Diyos sa puso ng ilang tao—nguni’t hindi tumitingin ang Diyos sa mga bagay na ito, tinitingnan lamang ng Diyos kung magbabago ba sila balang araw. Sa Biblia, may isang kuwento tungkol sa pagbabalik ng alibughang anak. Bakit nagkuwento ang Panginoong Jesus ng gayong parabula? Ito ay dahil ang kalooban ng Diyos na iligtas ang sangkatauhan ay wagas. Binibigyan Niya ang mga tao ng mga pagkakataon na magsisi at mga pagkakataon na magbago, at sa prosesong ito, nauunawaan Niya ang mga tao at alam Niya nang lubusan ang kanilang mga kahinaan at lawak ng kanilang kasamaan. Alam Niyang matitisod at matutumba sila. Tulad ito nang ang mga bata ay natututong maglakad: Gaano man kalakas ang iyong katawan, may mga panahong madadapa ka, at mga panahong matatalisod ka. Nauunawaan ng Diyos ang bawa’t tao tulad ng pag-unawa ng isang ina sa kanyang anak. Nauunawaan Niya ang mga paghihirap ng bawa’t tao, mga kahinaan, maging ang mga pangangailangan nila. At lalong higit pa, nauunawaan Niya kung aling mga paghihirap ang haharapin ng bawa’t tao sa proseso ng pagpasok tungo sa pagbabago ng disposisyon, at kung anu-anong uri ng mga kahinaan at kabiguan ang mangyayari. Ito ay isang bagay na nauunawaan ng Diyos nang lubos. Kaya

sinasabi na sinusuri ng Diyos ang kaibuturan ng puso ng mga tao. Gaano ka man kahina, hangga't hindi mo tinatalikuran ang pangalan ng Diyos, hangga't hindi mo iniiwan ang Diyos, o ang daang ito, lagi kang magkakaroon ng pagkakataon na makamit ang pagbabago ng disposisyon. At kung may pagkakataon tayo na makamit ang pagbabago ng disposisyon kung gayon may pag-asa para sa ating patuloy na pamumuhay. Kung may pag-asa tayo para sa patuloy na pamumuhay, may pag-asa tayo na mailigtas ng Diyos.

Hinango mula sa "Ano ang Pagbabago ng Disposisyon at ang Landas tungo sa Pagbabago ng Disposisyon" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

166. Ang mga Prinsipyo ng Pagtatamasa ng Biyaya ng Diyos

(1) Gaano man karami ang biyayang tinatamasa ng tao, dapat silang matutong magbigay-pansin sa kalooban ng Diyos. Dapat na gawin ng tao ang lahat ng makakaya upang magampanan ng mabuti ang kanilang tungkulin at magantihan ang pag-ibig ng Diyos;

(2) Sa pagtatamasa ng biyaya ng Diyos, dapat na maunawaan ng tao ang Kanyang mga atas sa tao, maunawaan ang Kanyang pag-ibig, at matutunang magpatotoo para sa Kanya. Ito lamang ang naaayon sa Kanyang kalooban;

(3) Isang pagpapahayag ng Kanyang pag-ibig ang pagkakaloob ng biyaya ng Diyos sa tao, ngunit ang Kanyang layunin ay ang iligtas ang sangkatauhan mula sa impluwensiya ni Satanas, at upang mabuhay ang mga tao nang kawangis ng tao;

(4) Huwag lamang masiyahan sa pagtatamasa ng biyaya ng Diyos. Dapat mong hanapin ang katotohanan at kaalaman ng Diyos. Ang umabot sa punto ng paggawang perpekto ng Diyos ay ang sukdulang nagbibigay-kaluguran sa Kanya.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Malayang naibigay ng Diyos ang Kanyang buhay at lahat ng mayroon

Siya at kung ano Siya sa mga tao para maipamuhay nila ito, para makapagbago sila kung ano ang mayroon at kung ano ang Diyos at ang katotohanang ipinagkakaloob Niya sa kanila sa direksyon at landas na susundan nila sa buhay, ibig sabihin, makakaasa sila rito para mabuhay at gawing buhay nila ang Kanyang mga salita. Kaya, masasabi ba natin na malayang naipagkaloob ng Diyos ang Kanyang buhay sa mga tao, sa gayo'y nagiging buhay nila ito? Kung gayo'y ano ang natamo ng mga tao mula sa Diyos? Ang inaasahan ng Diyos? Ang pangako ng Diyos? O ano? Ang natamo nila mula sa Diyos ay hindi hungkag na mga salita, kundi ang buhay ng Diyos! Dagdag pa sa pagkakaloob ng buhay sa mga tao, ang isang ipinagagawa Niya sa kanila ay na kunin nila ang buhay na ito na ipinagkaloob ng Diyos, gawin itong sarili nilang buhay, at ipamuhay ito. Kapag nakikita ng Diyos na namumuhay ang mga tao sa ganitong paraan, nasisiyahan Siya. Ito lamang ang hinihiling ng Diyos. Sa gayon, ang natatamo ng mga tao mula sa Diyos ay walang kasinghalaga, at, habang ipinagkakaloob ng Diyos ang pinakamahalagang bagay na ito sa tao, walang napapala ang Diyos; ang pinakamalaking nakikinabang ay ang sangkatauhan. Ang mga tao ang umaani ng pinakamalaking pakinabang; sila ang may pinakamaraming pakinabang. Habang tinatanggap ang buhay ng Diyos bilang sarili nilang buhay, nauunawaan din ng mga tao ang katotohanan, natatamo ang mga prinsipyo kung ano ang maging tao, tinutubuan ng mga ugat na kailangan nila para maging tao, at natatamo ang direksyong kailangan nilang tahakin para maging tao. Hindi na sila nalilinlang at nagagapos ni Satanas, hindi na nalilinlang at nagagamit ng masasamang tao, at hindi na narurumihan, nadudungisan, nagagapos, o natutukso ng masasamang uso. Malayang nabubuhay ang mga tao sa pagitan ng langit at lupa, at lumalaya sila. Hindi na sila nakakulong o nakadarama ng sakit. Wala nang mga paghihirap, malaya silang nabubuhay at nagagawa nilang mamuhay nang tunay sa ilalim ng kapangyarihan ng Diyos, hindi na mapapahamak sa anumang kasamaan o mga puwersa ng kadiliman. Ibig sabihin, habang namumuhay sila nang ganito, na itinuturing ang buhay na ito na sarili nilang buhay, hindi na sila

dumaranas ng anumang sakit, bagkus ay namumuhay sila nang masaya at walang paghihirap; namumuhay sila nang malaya at may normal na pakikipag-ugnayan sa Diyos. Hindi na sila makapaghihimagsik o makakakontra sa Diyos; bagkus, maaari silang mamuhay nang tunay sa ilalim ng kapangyarihan ng Diyos. Namumuhay sila nang tama at wasto, mula sa loob palabas, at nagiging tunay na mga tao.

Hinango mula sa “Ang Tao ang Pinakamalaki ang Pakinabang sa Plano ng Pamamahala ng Diyos” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sa kasalukuyang yugto ng gawain ng Diyos sa mga huling araw na ito, hindi na Niya basta iginagawad ang biyaya at mga pagpapala sa tao tulad ng ginawa Niya dati, ni sinusuyo Niya ang tao na sumulong. Sa yugtong ito ng gawain, ano ang nakita ng tao mula sa lahat ng aspeto ng gawain ng Diyos na kanyang naranasan? Nakita ng tao ang pag-ibig ng Diyos at ang paghatol at pagkastigo ng Diyos. Sa panahong ito, pinaglalaanan, sinusuportahan, nililiwanagan at ginagabayan ng Diyos ang tao, nang sa gayon ay unti-unti niyang nalalaman ang Kanyang mga intensyon, nalalaman ang mga salita na sinasabi Niya at ang katotohanang iginagawad Niya sa tao. Kapag ang tao ay mahina, kapag siya ay nanlulumo, kapag wala siyang mabalingan, gagamitin ng Diyos ang Kanyang mga salita upang aliwin, payuhan at pasiglahin ang tao, upang ang mababang tayog ng tao ay unti-unting lumakas, tumaas ang pagkapositibo at maging handang makipagtulungan sa Diyos. Ngunit kapag sinusuway ng tao ang Diyos o nilalabanan Siya, o kapag ibinubunyag ng tao ang kanyang katiwalian, hindi magpapakita ng awa ang Diyos sa pagtutuwid at sa pagdidisiplina sa tao. Ngunit magpapakita ang Diyos ng pagpaparaya at pagtitiyaga sa kahangalan, kamangmangan, kahinaan at pagiging kulang sa gulang ng tao. Sa ganitong paraan, sa pamamagitan ng lahat ng gawain na ginagawa ng Diyos para sa tao, ang tao ay unti-unting nagkakagulang, lumalago, at nalalaman ang mga intensyon ng Diyos, nalalaman ang ilang katotohanan, nalalaman kung aling mga bagay ang positibo at alin ang negatibo, nalalaman kung ano

ang kasamaan at ano ang kadiliman. Ang Diyos ay hindi palaging nagtutuwid at nagdidisiplina ng tao sa isang paraan lamang, ni palaging nagpapakita ng pagpaparaya at pagtitiyaga. Sa halip, tinutustusan Niya ang bawat tao sa iba't ibang paraan, sa kanilang magkakaibang kalagayan at ayon sa kanilang magkakaibang tayog at kakayahan. Ginagawa Niya ang maraming bagay para sa tao at nang may malaking sakripisyo; walang napapansin ang tao sa mga bagay na ito o sa sakripisyo, gayunman lahat ng ginagawa Niya sa realidad ay natutupad sa bawat isang tao. Ang pag-ibig ng Diyos ay praktikal: Sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, naiiwasan ng tao ang sunud-sunod na mga sakuna, habang paulit-ulit na ipinapakita ng Diyos ang Kanyang pagpapaubaya sa mga kahinaan ng tao. Ang paghatol at pagkastigo ng Diyos ay nagbibigay-daan upang unti-unting makilala ng mga tao ang katiwalian at ang mala-satanas na diwa ng sangkatauhan. Iyong ipinagkakaloob ng Diyos, ang Kanyang pagbibigay kaliwanagan sa tao at Kanyang paggabay ay lahat nagbibigay-daan sa sangkatauhan upang lalo't lalong makilala ang diwa ng katotohanan, at lalo't lalong malaman kung ano ang kinakailangan ng mga tao, kung anong daan ang dapat nilang tahakin, para sa ano ang kanilang pamumuhay, ang kahalagahan at kahulugan ng kanilang mga buhay, at kung paano lumakad sa daang tatahakin. Ang lahat ng bagay na ito na ginagawa ng Diyos ay hindi maihihiwalay mula sa Kanyang orihinal na layunin. Ano, kung gayon, ang layuning ito? Bakit ginagamit ng Diyos ang mga paraang ito upang isagawa ang Kanyang gawain sa tao? Anong resulta ang nais Niyang makamit? Sa madaling salita, ano ang nais Niyang makita sa tao? Ano ang nais Niyang makuha mula sa kanila? Ang nais na makita ng Diyos ay na maaaring mapasiglang muli ang puso ng tao. Ang mga paraang ito na ginagamit Niya upang gumawa sa tao ay isang patuloy na pagsisikap na gisingin ang puso ng tao, gisingin ang espiritu ng tao, bigyang-kakayahan ang tao na maunawaan kung saan siya nanggaling, sino ang gumagabay, sumusuporta, at nagkakaloob sa kanya, at kung sino ang nagpahintulot sa tao na mabuhay hanggang sa ngayon; ang mga ito ay paraan upang bigyang-kakayahan ang tao na maunawaan kung sino ang Lumikha, kung

sino ang dapat niyang sambahin, kung anong uri ng daan ang dapat niyang lakaran, at sa anong paraan dapat lumapit ang tao sa harapan ng Diyos; ang mga ito ay paraan upang unti-unting pasiglahin ang puso ng tao, upang makilala ng tao ang puso ng Diyos, maunawaan ang puso ng Diyos, at maintindihan ang matinding pangangalaga at paglingap na nasa likod ng Kanyang gawain na iligtas ang tao. Kapag napasigla na ang puso ng tao, hindi na niya nais pang mabuhay na may masama at tiwaling disposisyon, kundi sa halip ay nais hanapin ang katotohanan upang palugurin ang Diyos. Kapag ang puso ng tao ay nagising na, makahihiwalay na nang husto ang tao kay Satanas. Hindi na siya mapipinsala pa ni Satanas, hindi na muling kokontrolin o lilinlangin nito. Sa halip, ang tao ay maaaring maagap na makipagtulungan sa gawain ng Diyos at sa Kanyang mga salita upang bigyang-kasiyahan ang puso ng Diyos, sa gayon ay nakakamit ang pagkatakot sa Diyos at ang paglayo sa kasamaan. Ito ang orihinal na layunin ng gawain ng Diyos.

Hinango mula sa “Ang Diyos Mismo, ang Natatangi VI” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang tao ay nabubuhay sa gitna ng laman, na nangangahulugang nabubuhay siya sa isang pantaong impiyerno, at kung wala ang paghatol at pagkastigo ng Diyos, ang tao ay kasingdumi ni Satanas. Paano magiging banal ang tao? Naniwala si Pedro na ang pagkastigo at paghatol ng Diyos ang pinakamabuting proteksiyon at pinakadakilang biyaya sa tao. Sa pamamagitan lamang ng pagkastigo at paghatol ng Diyos magigising ang tao at kapopootan ang laman, kamumuhian si Satanas. Ang mahigpit na pagdisiplina ng Diyos ay nagpapalaya sa tao mula sa impluwensya ni Satanas, nagpapalaya sa kanya mula sa kanyang sariling maliit na mundo, at nagtutulot sa kanyang mamuhay sa liwanag ng presensya ng Diyos. Wala nang higit na mabuting pagliligtas kaysa sa pagkastigo at paghatol! Nanalangin si Pedro, “O Diyos! Hangga’t kinakastigo Mo at hinahatulan ako, malalaman ko na hindi Mo ako iniwan. Kahit na hindi Mo ako binibigyan ng kagalakan o kapayapaan, at ginagawa akong mamuhay nang

may pagdurusa, at pinagpapasan ako ng hindi-mabilang na mga pagtutuwid, hangga't hindi Mo ako iniiwan, ang puso ko ay magiging panatag. Ngayon, ang Iyong pagkastigo at paghatol ay naging pinakamabuting proteksiyon ko at pinakadakilang pagpapala. Ang ibinibigay Mong biyaya sa akin ay nag-iingat sa akin. Ang biyaya na Iyong ipinagkakaloob sa akin ngayon ay pagpapahayag ng Iyong matuwid na disposisyon, at pagkastigo at paghatol; bukod diyan, ito ay isang pagsubok, at, higit pa riyan, ito ay isang buhay ng pagdurusa." Nakayang isantabi ni Pedro ang mga kasiyahan ng laman at hanapin ang isang mas malalim na pag-ibig at higit na pag-iingat, dahil marami siyang nakamtang biyaya mula sa pagkastigo at paghatol ng Diyos. Sa kanyang buhay, kung nais ng tao na malinis at makamtan ang mga pagbabago sa kanyang disposisyon, kung nais niya na isabuhay ang isang makabuluhang buhay, at tuparin ang kanyang tungkulin bilang isang nilalang, kung gayon dapat niyang tanggapin ang pagkastigo at paghatol ng Diyos, at hindi dapat hayaan ang pagdisiplina ng Diyos at pagpalo ng Diyos na lumisan mula sa kanya, upang maaari niyang mapalaya ang kanyang sarili mula sa pagmamanipula at impluwensya ni Satanas, at mamuhay sa liwanag ng Diyos. Kilalanin mo na ang pagkastigo at paghatol ng Diyos ay ang liwanag, at ang liwanag ng kaligtasan ng tao, at na walang higit na mabuting pagpapala, biyaya o pag-iingat para sa tao.

Hinango mula sa "Ang mga Karanasan ni Pedro: Ang Kanyang Kaalaman sa Pagkastigo at Paghatol" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Nakikita ngayon ng tao na kung may biyaya, pag-ibig, at awa lamang ng Diyos, wala siyang kakayahan na tunay na makilala ang sarili niya, at lalong hindi niya kayang malaman ang diwa ng tao. Sa pamamagitan lamang kapwa ng pagpipino at paghatol ng Diyos, at sa proseso ng pagpipino mismo, maaaring malaman ng tao ang kanyang mga kakulangan, at malaman na wala siyang anuman. Kaya, ang pagmamahal ng tao sa Diyos ay itinayo sa pundasyon ng pagpipino at paghatol ng Diyos. Kung tinatamasa mo lamang ang biyaya ng Diyos, ang pagkakaroon

ng isang mapayapang buhay-pamilya o mga materyal na pagpapala, hindi mo pa natatamo ang Diyos, at ang iyong paniniwala sa Diyos ay hindi maituturing na matagumpay. Isinagawa na ng Diyos ang isang yugto ng gawain ng biyaya sa katawang-tao, at ipinagkaloob na ang mga materyal na pagpapala sa tao, ngunit ang tao ay hindi magagawang perpekto gamit lamang ang biyaya, pag-ibig, at awa. Sa mga karanasan ng tao nararanasan niya ang kaunting pag-ibig ng Diyos at nakikita ang pag-ibig at awa ng Diyos, ngunit sa pagdanas sa loob ng kaunting panahon, nakikita niya na ang biyaya ng Diyos at ang Kanyang pag-ibig at awa ay walang kakayahang gawing perpekto ang tao, walang kakayahang ihayag yaong tiwali sa kalooban ng tao, ni hindi nito nagagawang alisin sa tao ang kanyang tiwaling disposisyon, o gawing perpekto ang kanyang pagmamahal at pananampalataya. Ang gawain ng biyaya ng Diyos ay ang gawain ng isang panahon, at hindi makakaasa ang tao sa pagtatamasa sa biyaya ng Diyos upang makilala ang Diyos.

Hinango mula sa “Sa Pagdanas Lamang ng Masasakit na Pagsubok Mo Malalaman ang Pagiging Kaibig-ibig ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Yaong mga taong wala ni katiting na pagsunod sa Diyos, na kinikilala lamang ang pangalan Niya, at mayroong kaunting muwang sa kabutihan at pagiging kaibig-ibig ng Diyos, subalit hindi sumasabay sa mga hakbang ng Banal na Espiritu, at hindi sumusunod sa kasalukuyang gawain at mga salita ng Banal na Espiritu—namumuhay ang ganitong mga tao sa gitna ng biyaya ng Diyos, at hindi Niya kakamtin o gagawing perpekto. Ginagawang perpekto ng Diyos ang mga tao sa pamamagitan ng pagsunod nila, sa pamamagitan ng pagkain, pag-inom, at pagtamasa nila sa mga salita ng Diyos, at sa pamamagitan ng pagdurusa at pagpipino sa mga buhay nila. Tanging sa pamamagitan ng ganitong pananampalataya maaaring magbago ang mga disposisyon ng mga tao, at saka lamang nila maaaring taglayin ang tunay na kaalaman tungkol sa Diyos. Ang pagiging hindi nalulugod sa pamumuhay sa gitna ng biyaya ng Diyos, ang aktibong pananabik at paghahanap sa katotohanan, at paghahangad na makamit ng

Diyos—ito ang kahulugan ng sadyang pagsunod sa Diyos at ito ang mismong uri ng pananampalatayang nais Niya. Ang mga taong walang ibang ginagawa kundi tamasahin ang biyaya ng Diyos ay hindi maaaring gawing perpekto o mabago, at paimbabaw lahat ang pagsunod, pagkamaka-Diyos, pagmamahal, at pagtitiis nila. Hindi magagawang tunay na makilala ang Diyos ng yaong mga nagtatamasa lamang ng biyaya ng Diyos, at kahit makilala nila ang Diyos, paimbabaw lamang ang kaalaman nila, at sinasabi nila ang mga bagay na tulad ng "mahal ng Diyos ang tao," o "mahabagin ang Diyos sa tao." Hindi nito kinakatawan ang buhay ng tao, at hindi ipinapakitang tunay na nakikilala ng mga tao ang Diyos.

Hinango mula sa "Sa Pananampalataya Mo sa Diyos, Dapat Kang Sumunod sa Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Na ang Diyos ay kayang gumawa sa tinaguriang "taong maysakit sa Silangang Asya" ay Kanyang dakilang kapangyarihan. Ito ang Kanyang pagpapakumbaba at pagiging tago. Sa kabila ng Kanyang marahas na mga salita o pagkastigo tungo sa atin, dapat natin Siyang purihin mula sa kaibuturan ng ating mga puso para sa Kanyang pagpapakumbaba, at ibigin Siya hanggang sa katapus-tapusan dahil dito. Ang mga taong naigapos ni Satanas sa loob ng libu-libong taon ay patuloy na namuhay sa ilalim ng impluwensya nito at hindi pa maiwaksi ito. Nagpatuloy silang mangapa at makibaka nang may kapaitan. Sa nakaraan sila ay magsusunog ng insenso, at yuyukod at idadambana si Satanas, at sila ay mahigpit na nakatali sa pamilya at makasanlibutang mga pagkakasangkot gayundin sa mga panlipunang pakikipag-ugnayan. Hindi nila naiwaksi ang mga ito. Sa ganitong uri ng lipunan na parang mga asong nagkakagatan, saan ba makasusumpong ang sinuman ng makahulugang buhay? Ang salaysay ng mga tao ay isang buhay ng pagdurusa, at sa kabutihang-palad, nailigtas na ng Diyos ang inosenteng mga taong ito, inilalagay ang ating mga buhay sa ilalim ng Kanyang pangangalaga at pag-iingat, upang ang ating mga buhay ay maligaya at hindi na puno ng mga pag-aalala. Patuloy tayong nabubuhay sa ilalim ng Kanyang biyaya hanggang sa ngayon. Hindi ba ito

pagpapala ng Diyos? Paano mangangahas ang sinuman na humingi nang labis-labis sa Diyos? Napakaliit ba ng naibigay na Niya sa atin? Hindi pa rin ba nasisiyahan? Sa tingin Ko ay dumating na ang panahon upang suklian natin ang pag-ibig ng Diyos. Maaaring dumaranas tayo ng matinding pangungutya, paninirang-puri, at pang-uusig dahil tinatahak natin ang landas ng paniniwala sa Diyos, subali't naniniwala Ako na ito ay isang makabuluhang bagay. Ito ay isang bagay ng kaluwalhatian, hindi kahihiyan, at anuman ang mangyari, marami ang mga pagpapalang ating tinatamasa. Sa di-mabilang na mga pagkakataon ng pagkabigo, ang mga salita ng Diyos ay naghatid na ng kaginhawahan, at bago pa natin mamalayan, ang kalungkutan ay naging kagalakan na. Sa di-mabilang na mga pagkakataon ng pangangailangan, ang Diyos ay naghatid na ng mga pagpapala at tayo ay natustusan sa pamamagitan ng Kanyang mga salita. Sa di-mabilang na mga pagkakataon ng karamdaman, ang mga salita ng Diyos ay naghatid na ng buhay—napalaya na tayo mula sa panganib, at bumaling mula sa panganib tungo sa kaligtasan. Natamasa mo na ang napakaraming bagay na gaya ng mga ito nang hindi ito napagtatanto. Wala ka bang naaalala rito?

Hinango mula sa "Ang Landas … (2)" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Habang lumalaki ang mga tao, ang mga titig ni Satanas ay nakatuon sa bawat isa sa kanila, kagaya ng isang tigreng pinagmamasdan ang bibiktimahin nito. Subali't sa paggawa ng Kanyang gawain, ang Diyos ay hindi kailanman dumanas ng anumang mga limitasyon mula sa mga tao, mga pangyayari o mga bagay, ng espasyo o panahon; ginagawa Niya kung ano ang kailangan Niyang gawin at kung ano ang dapat Niyang gawin. Sa proseso ng paglaki, maaaring masagupa mo ang maraming bagay na hindi mo nagugustuhan, gaya ng karamdaman at kabiguan. Subali't habang lumalakad ka sa daang ito, ang iyong buhay at ang iyong kinabukasan ay nasa ilalim ng mahigpit na pangangalaga ng Diyos. Binibigyan ka ng Diyos ng isang tunay na garantiya na magtatagal sa buong buhay mo, sapagkat Siya ay nasa tabi mo, binabantayan ka at inaalagaan ka. Lumalaki ka na

hindi mo namamalayan ito. Nagsisimula kang makipag-ugnayan sa bagong mga bagay at nagsisimulang kilalanin ang mundong ito at ang sangkatauhang ito. Ang lahat ay sariwa at bago sa iyo. Mayroon ka ng mga bagay na gustung-gusto mong ginagawa. Namumuhay ka sa loob ng iyong sariling pagkatao, namumuhay sa loob ng iyong sariling espasyo at wala ka ni katiting na pagkaintindi tungkol sa pag-iral ng Diyos. Subali't pinanonood ka ng Diyos sa bawat pagkakataon habang lumalaki ka, at pinanonood ka Niya sa bawat hakbang mong pasulong. Kahit kapag ikaw ay natututo ng kaalaman, o nag-aaral ng siyensiya, kahit isang hakbang hindi kailanman umalis ang Diyos sa iyong tabi. Kapareho mo lang ang ibang tao na, sa kalagitnaan ng pagkilala at pakikipag-ugnayan sa mundo, naitatag mo ang sarili mong mga mithiin, taglay mo ang sarili mong mga libangan, sarili mong mga interes, at nagkikimkim ka rin ng matatayog na ambisyon. Madalas mong pagnilayan ang sarili mong kinabukasan, madalas na iginuguhit ang balangkas kung paano dapat ang hitsura ng iyong kinabukasan. Subali't anuman ang mangyari sa paglalakbay, malinaw na nakikita ng Diyos ang lahat. Marahil ikaw mismo ay nakalimot na sa iyong sariling nakaraan, subali't sa Diyos, walang sinuman ang makauunawa sa iyo nang mas mainam kaysa sa Kanya. Nabubuhay ka sa ilalim ng pagbabantay ng Diyos, lumalaki, nagkakagulang. Sa panahong ito, ang pinakamahalagang gawain ng Diyos ay isang bagay na walang sinuman ang nakaiintindi kailanman, isang bagay na walang sinumang nakaaalam. Tiyak na hindi sinasabi ng Diyos kaninuman ang tungkol dito. Kaya't ano nga ba itong pinakamahalagang bagay? Masasabi na ito ay isang garantiya na ililigtas ng Diyos ang isang tao. Ito'y nangangahulugan na kung nais ng Diyos na iligtas ang taong ito, kailangan Niyang gawin ito. Ang gawaing ito ay lubhang napakahalaga kapwa sa tao at sa Diyos. Alam ba ninyo kung ano ito? Tila ba wala kayong anumang pakiramdam tungkol dito, o anumang konsepto nito, kaya sasabihin Ko sa inyo. Mula sa panahon nang ikaw ay ipinanganak hanggang sa kasalukuyan, isinagawa na ng Diyos ang napakalaking gawain para sa iyo, subali't hindi ka Niya binibigyan ng detalyadong ulat ng lahat ng bagay na ginawa Niya. Hindi

ipinahintulot ng Diyos na malaman mo ito, at hindi rin Niya sinabi sa iyo. Gayunpaman, sa tao, ang lahat ng Kanyang ginagawa ay mahalaga. Sa Diyos, ito ay bagay na dapat Niyang gawin. Sa Kanyang puso, mayroong isang mahalagang bagay na kinakailangan Niyang gawin na lubhang nakahihigit sa anumang mga bagay na ito. Iyon ay, mula sa panahong ipinanganak ang tao hanggang sa kasalukuyan, dapat magarantiyahan ng Diyos ang kaligtasan nila. Pagkarinig sa mga salitang ito, nadarama ninyo marahil na parang hindi ninyo ganap na nauunawaan. Maaari ninyong itanong "Ang kaligtasan bang ito ay napakahalaga?" Ano ba ang literal na kahulugan ng "kaligtasan"? Marahil nauunawaan ninyo ito bilang kapayapaan o marahil nauunawaan ninyo ito bilang hindi pagdanas kailanman ng anumang sakuna o kalamidad, ang mamuhay nang mabuti, ang mamuhay ng isang normal na buhay. Subali't dapat ninyong malaman sa inyong mga puso na hindi ganoon kasimple iyon. Kaya't ano nga ba talaga ang bagay na ito na tinutukoy Ko, na dapat gawin ng Diyos? Ano ba ang kahulugan para sa Diyos ng kaligtasan? Ito ba talaga ay garantiya ng normal na kahulugan ng "kaligtasan"? Hindi. Kaya ano nga ba itong ginagawa ng Diyos? Ang "kaligtasang" ito ay nangangahulugan na hindi ka nilamon ni Satanas. Ito ba ay mahalaga? Hindi ka nilamon ni Satanas, ito ba ay may kinalaman sa iyong kaligtasan, o wala? Oo, Ito ay may kinalaman sa iyong personal na kaligtasan, at walang anumang bagay ang higit na mas mahalaga. Sa sandaling lamunin ka ni Satanas, ang iyong kaluluwa ni ang iyong laman ay hindi na nabibilang sa Diyos. Hindi ka na ililigtas ng Diyos. Tinatalikuran ng Diyos ang mga kaluluwang ganoon at tinatalikuran ang mga taong tulad ng ganoon. Kaya sinasabi Ko na ang pinakamahalagang bagay na ginagawa ng Diyos ay ang garantiyahan ang iyong kaligtasan, ang garantiyahan na hindi ka lalamunin ni Satanas. Ito ay napakahalaga, hindi ba? Kung gayon, bakit hindi kayo makasagot? Tila hindi ninyo mararamdaman ang dakilang kabutihan ng Diyos!

Hinango mula sa "Ang Diyos Mismo, ang Natatangi VI" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa kanyang buhay sa mga nakaraang ilang dekada, pinagmasdan ni Job ang mga gawa ni Jehova at nakamit ang mga biyaya ng Diyos na si Jehova para sa kanya. Mga biyaya ang mga ito na nagdulot sa kanya ng labis na pagkabalisa at pagkakaroon ng utang na loob, dahil naniwala siya na wala pa siyang ginagawa para sa Diyos, ngunit pinamanahan na siya ng maraming biyaya at nagtamasa na ng napakaraming pagpapala. Dahil dito, madalas siyang nanalangin sa kanyang puso, umasa siya na makakabayad siya sa Diyos, umasa na mabibigyan siya ng pagkakataon na magpatotoo sa mga gawa at kadakilaan ng Diyos, at umaasa na susubukin ng Diyos ang kanyang pagkamasunurin, at, higit pa rito, magiging dalisay ang kanyang pananampalataya, hanggang sa sang-ayunan ng Diyos ang kanyang pagkamasunurin at pananampalataya. At nang dumating ang pagsubok kay Job, naniwala siya na narinig ng Diyos ang kanyang mga panalangin. Pinahalagahan ni Job ang pagkakataong ito nang higit pa sa anumang bagay, at dahil dito hindi siya nangahas na ipagsawalang bahala ito, dahil ang kanyang pinakadakilang hangarin sa buhay ay maaari nang maganap. Nangahulugang sa pagdating ng pagkakataong ito, ang kanyang pagsunod at takot sa Diyos ay maaaring malagay sa pagsubok, at maaaring maging dalisay. Bukod pa rito, nangahulugan ito na may pagkakataon na si Job na makuha ang pagsang-ayon ng Diyos, at sa gayon ay mas mapapalapit siya sa Diyos. Sa panahon ng pagsubok, ang ganitong pananampalataya at paghahangad ang lalong nagpa-igting ng pagiging perpekto niya, at nagpaunawa ng kalooban ng Diyos. Lalo ring nagpasalamat si Job sa mga pagpapala at biyaya ng Diyos, nagbuhos siya ng mas maraming papuri sa mga gawa ng Diyos sa kanyang puso, at siya ay mas nagkaroon ng takot at paggalang sa Diyos, at naghangad pa lalo ng pagiging kaibig-ibig, kadakilaan, at kabanalan ng Diyos. Sa oras na ito, kahit na si Job ay isa pa ring tao na may takot sa Diyos at umiiwas sa masama sa paningin ng Diyos, dahil sa kanyang mga karanasan, lalong lumago ang kanyang pananampalataya at kaalaman: Nadagdagan ang kanyang pananampalataya, nagkaroon ng matatag na pinanghahawakan ang kanyang pagkamasunurin, at lalong lumalim ang

kanyang takot sa Diyos. Kahit binago ng pagsubok na ito ang espiritu at buhay ni Job, hindi nito napasiya si Job, at hindi rin nito pinabagal ang kanyang pag-unlad. Kasabay ng kanyang pagtatantiya sa napakinabangan niya mula sa pagsubok na ito, at habang iniisip niya ang kanyang mga pagkukulang, tahimik siyang nanalangin, naghihintay sa pagdating ng susunod na pagsubok sa kanya, sapagkat naghahangad siya na tumaas pa ang kanyang pananampalataya, pagkamasunurin, at takot sa Diyos sa susunod na pagsubok ng Diyos.

Hinango mula sa “Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo II” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa kanyang puso, tunay na naniniwala si Job na ang lahat ng kanyang pag-aari ay ibinigay sa kanya ng Diyos, at hindi nanggaling sa sarili niyang paghihirap. Dahil dito, hindi niya nakita ang mga biyayang ito bilang isang bagay na dapat bigyan ng labis na pansin, at sa halip ay nakaangkla ang prinsipyo ng pananatili ng kanyang buhay sa buong lakas niyang pagkapit sa daan na dapat niyang pagtibayin. Itinangi niya ang mga pagpapala ng Diyos at nagpasalamat para sa mga ito, ngunit hindi niya inibig ang mga ito, at hindi siya humingi ng karagdagang pagpapala. Ganito ang kanyang saloobin tungkol sa ari-arian. Wala rin siyang ginawa para lamang makatanggap ng mga pagpapala, o nag-alala, o nasaktan sa kakulangan o kawalan ng mga pagpapapala ng Diyos; hindi rin siya naging mabangis at hibang sa kasiyahan dahil sa mga biyaya ng Diyos, hindi niya binalewala ang daan ng Diyos o nakalimutan ang pagpapala ng Diyos dahil sa mga biyaya na madalas niyang tinatamasa.

Hinango mula sa “Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo II” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Inialay ni Abraham si Isaac—ano na ang naialay ninyo? Inialay ni Job ang lahat-lahat—ano na ang naialay ninyo? Napakarami nang taong nag-alay ng kanilang buhay, nagyuko ng kanilang ulo, nagpadanak ng kanilang dugo upang hanapin ang tunay na daan. Nagawa na ba ninyo ang sakripisyong iyan? Kung ikukumpara, ni hindi man lang kayo nararapat na

magtamasa ng gayon kalaking biyaya. Nasasaktan ba kayo kapag sinasabihan kayo ngayon na kayo ay mga inapo ni Moab? Huwag ninyong gaanong taasan ang tingin ninyo sa inyong sarili. Wala kang dapat ipagmayabang. Ang gayon kadakilang kaligtasan, ang gayon kadakilang biyaya ay buong layang ibinibigay sa inyo. Wala kayong naisakripisyo, subalit buong laya kayong nagtatamasa ng biyaya. Hindi ba kayo nahihiya? Ang tunay na daan bang ito ay isang bagay na hinanap at natagpuan ninyo mismo? Hindi ba ang Banal na Espiritu ang pumilit sa inyo na tanggapin ito? Hindi kayo nagkaroon kailanman ng pusong naghahanap, lalong wala kayong pusong naghahanap at nasasabik sa katotohanan. Nakaupo lang kayo at nasisiyahan dito; nakamit ninyo ang katotohanang ito nang wala ni katiting na pagsisikap. Ano ang karapatan ninyong magreklamo? Palagay mo ba napakahalaga mo? Kumpara sa mga nagsakripisyo ng kanilang buhay at nagpadanak ng kanilang dugo, ano ang inirereklamo ninyo? Tama at natural lamang na puksain kayo ngayon! Wala kayong ibang pagpipilian kundi sumunod nang sumunod. Talagang hindi kayo karapat-dapat! Karamihan sa inyo ay tinawag, ngunit kung hindi kayo napilitan sa inyong sitwasyon o hindi kayo natawag, lubos ninyong aayawan ang lumabas. Sino ang handang gumawa ng gayong pagtalikod? Sino ang handang iwan ang mga kasiyahan ng laman? Kayong lahat ay mga taong buong-kasakimang nagpapasasa sa kaginhawahan at naghahangad ng marangyang buhay! Nagkamit kayo ng napakadakilang mga pagpapala—ano pa ang masasabi ninyo? Ano ang mga reklamo ninyo? Tinulutan na kayong matamasa ang pinakadakilang mga pagpapala at pinakadakilang biyaya sa langit, at ngayon ay inihahayag sa inyo ang gawaing hindi pa nagawa sa lupa kailanman. Hindi ba ito isang pagpapala? Kinakastigo kayo nang ganito ngayon dahil lumaban at naghimagsik kayo laban sa Diyos. Dahil sa pagkastigong ito, nakita na ninyo ang awa at pagmamahal ng Diyos, at nakita na rin ninyo ang Kanyang katuwiran at kabanalan. Dahil sa pagkastigong ito at dahil sa karumihan ng sangkatauhan, nakita na ninyo ang dakilang kapangyarihan ng Diyos, at nakita na ninyo ang Kanyang kabanalan at kadakilaan. Hindi ba ito ang pinakapambihira sa mga

katotohanan? Hindi ba ito isang buhay na may kahulugan? Ang gawaing ginagawa ng Diyos ay puno ng kahulugan! Kaya, mas mababa ang inyong posisyon, mas pinatutunayan nito na itinataas kayo ng Diyos, at mas pinatutunayan nito ang malaking kahalagahan ng Kanyang gawain sa inyo ngayon. Ito ay sadyang isang kayamanang walang kasinghalaga, na hindi makukuha sa iba pang lugar! Sa pagdaan ng mga kapanahunan, walang sinumang nakapagtamasa ng gayon kadakilang kaligtasan. Ang katotohanan na mababa ang inyong posisyon ay nagpapakita kung gaano kadakila ang pagliligtas ng Diyos, at ipinapakita nito na ang Diyos ay tapat sa sangkatauhan—Siya ay nagliligtas, hindi namumuksa.

Hinango mula sa "Ang Kabuluhan ng Pagliligtas sa mga Inapo ni Moab" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

167. Ang mga Prinsipyo ng Pakikinig sa Kalooban ng Diyos

(1) Kinakailangang maunawaan ang mga atas ng Diyos sa tao at ang mga prinsipyo ng pagganap sa tungkulin ng tao, at pagkakaroon ng salita ng Diyos bilang pundasyon ng tao. Sa ganito lamang isinasaalang-alang ng tao ang kalooban ng Diyos.

(2) Tanging sa pagpapasailalim lamang sa paghatol at pagkastigo, gayundin sa pakikiharap at pagtatabas maaaring itakwil ng tao ang katiwalian at talikdan ang laman, at sa ganito lamang maaaring tunay na makinig ang tao sa kalooban ng Diyos;

(3) Sa pamamagitan lamang ng pusong may pag-ibig sa Diyos makakayang talikdan ng tao ang laman at bigyang-kaluguran ang Diyos, at sa ganito lamang maaaring kagyat na pakitunguhan ng tao ang mga bagay na mahalaga para sa Diyos, isipin kung ano ang iniisip Niya, at tunay na gugulin ang kanilang mga sarili para sa Kanya.

(4) Kung natuklasan ng isang taong tunay na umiibig sa Diyos na nililinlang ang mga hinirang na tao ng Diyos ng sinumang mga huwad na pinuno at mga anticristo, dapat nilang isuplong at ilantad ang mga ito upang pangalagaan ang mga hinirang ng Diyos.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang namana ninyo sa araw na ito ay higit pa sa namana ng mga apostol at propeta sa lahat ng panahon at higit pa sa namana nina Moises at Pedro. Ang mga pagpapala ay hindi matatanggap sa loob ng isa o dalawang araw; ang mga iyon ay kailangang makamtan sa pamamagitan ng malaking sakripisyo. Ibig sabihin, kailangan kayong magtaglay ng pagmamahal na nagdaan na sa pagpipino, kailangan kayong magkaroon ng malaking pananampalataya, at kailangan kayong magkaroon ng maraming katotohanang hinihiling ng Diyos na inyong matamo; bukod pa rito, kailangang bumaling kayo sa katarungan, nang hindi tinatakot o umiiwas, at kailangang magkaroon kayo ng pagmamahal sa Diyos na tuluy-tuloy hanggang kamatayan. Kailangang magkaroon kayo ng determinasyon, kailangang magkaroon ng mga pagbabago sa inyong disposisyon sa buhay, kailangang malunasan ang inyong katiwalian, kailangang tanggapin ninyo ang lahat ng pagsasaayos ng Diyos nang walang reklamo, at kailangang maging masunurin kayo maging hanggang kamatayan. Ito ang dapat ninyong makamit, ito ang panghuling layunin ng gawain ng Diyos, at ito ang hinihiling ng Diyos sa grupong ito ng mga tao. Dahil nagbibigay Siya sa inyo, gayundin naman tiyak na may hihilingin Siya bilang kapalit, at tiyak na hihingi Siya ng akmang mga kahilingan sa inyo. Samakatuwid, may dahilan ang lahat ng gawain ng Diyos, na nagpapakita kung bakit, paulit-ulit, gumagawa ang Diyos ng gawaing nagtatakda ng matataas na pamantayan at mahihigpit na kinakailangan. Ito ang dahilan kaya dapat kayong mapuspos ng pananampalataya sa Diyos. Sa madaling salita, lahat ng gawain ng Diyos ay ginagawa para sa inyong kapakanan, nang sa gayon ay maging karapat-dapat kayong tumanggap ng Kanyang pamana. Hindi ito gaanong para sa kapakanan ng sariling kaluwalhatian ng Diyos kundi para sa kapakanan ng inyong kaligtasan at para sa pagpeperpekto sa grupong ito ng mga tao na lubhang napahirapan sa maruming lupain. Dapat ninyong unawain ang kalooban ng Diyos. Kaya nga, pinapayuhan Ko ang maraming taong mangmang na walang anumang kabatiran o katinuan: Huwag ninyong subukin ang Diyos, at

huwag na kayong lumaban. Nagtiis na ang Diyos ng pagdurusang hindi kailanman tiniis ng tao, at matagal nang nagtiis maging ng mas matinding kahihiyan alang-alang sa tao. Ano pa ang hindi ninyo kayang bitawan? Ano pa ang mas mahalaga kaysa sa kalooban ng Diyos? Ano pa ang hihigit kaysa sa pagmamahal ng Diyos? Sapat nang nahirapan ang Diyos na isagawa ang Kanyang gawain sa maruming lupaing ito; kung, bukod pa rito, sadya at kusang sumusuway ang tao, kailangang tagalan pa ang gawain ng Diyos. Sa madaling salita, hindi ito para sa pinakamabuting kapakanan ng isang tao, walang pakinabang ito kaninuman.

Hinango mula sa “Simple ba ang Gawain ng Diyos na Tulad ng Inaakala ng Tao?” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kapag mas isinasaisip mo ang kalooban ng Diyos, mas bibigat ang iyong pasanin, at kapag mas mabigat ang iyong pasanin, mas yayaman ang iyong karanasan. Kapag isinasaisip mo ang kalooban ng Diyos, bibigyan ka ng Diyos ng isang pasanin, at pagkatapos ay liliwanagan ka tungkol sa mga gawaing naipagkatiwala Niya sa iyo. Kapag ibinigay ng Diyos ang pasaning ito sa iyo, papansinin mo ang lahat ng nauugnay na katotohanan habang kumakain at umiinom ka ng mga salita ng Diyos. Kung mayroon kang pasanin na may kaugnayan sa kalagayan sa buhay ng iyong mga kapatid, ito ay isang pasanin na naipagkatiwala sa iyo ng Diyos, at palagi mong dadalhin ang pasaning ito sa iyong mga dalangin sa araw-araw. Ang ginagawa ng Diyos ay naipagkatiwala na sa iyo, at handa kang isakatuparan yaong nais gawin ng Diyos; ito ang ibig sabihin ng dalhin na parang iyo ang pasanin ng Diyos. Sa puntong ito, sa iyong pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, magtutuon ka sa ganitong klase ng mga isyu, at iisipin mo, Paano ko lulutasin ang mga problemang ito? Paano ko mabibigyan ng kakayahan ang aking mga kapatid na magkamit ng paglaya at makasumpong ng espirituwal na kasiyahan? Magtutuon ka rin sa paglutas ng mga problemang ito habang nakikibahagi, at habang kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, magtutuon ka sa pagkain at pag-inom ng mga salitang nauugnay sa mga isyung ito. Magdadala ka rin ng isang

pasanin habang kumakain at umiinom ng Kanyang mga salita. Kapag naunawaan mo na ang mga hinihingi ng Diyos, magkakaroon ka ng mas malinaw na ideya tungkol sa landas na tatahakin. Ito ang kaliwanagan at pagpapalinaw ng Banal na Espiritu na dulot ng iyong pasanin, at ito rin ang patnubay na ipinagkaloob ng Diyos sa iyo. Bakit Ko sinasabi ito? Kung wala kang pasanin, hindi ka magbibigay-pansin habang kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos; kapag ikaw ay kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos habang nagdadala ng isang pasanin, mauunawaan mo ang diwa ng mga ito, mahahanap ang iyong daan, at isasaisip ang kalooban ng Diyos. Samakatuwid, sa iyong mga dalangin, dapat mong hilingin na dagdagan ng Diyos ang iyong mga pasanin at ipagkatiwala sa iyo ang mas mabibigat na gawain, para sa hinaharap, maaari kang magkaroon ng iba pang landas ng pagsasagawa; para ang iyong pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos ay magkaroon ng mas matinding epekto; para maunawaan mo ang diwa ng Kanyang mga salita; at para mas makayanan mong maantig ng Banal na Espiritu.

Hinango mula sa “Isaisip ang Kalooban ng Diyos para Makamit ang Pagiging Perpekto” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, pananalangin, pagtanggap ng pasanin ng Diyos, at pagtanggap ng mga gawaing ipinagkakatiwala Niya sa iyo—lahat ng ito ay para mayroong landas sa iyong harapan. Kapag mas mabigat ang pasaning ipinagkatiwala sa iyo ng Diyos, mas madali ka Niyang mapeperpekto. Ayaw makipagtulungan ng ilan sa iba sa paglilingkod sa Diyos, kahit natawag sila; tamad ang mga taong ito na nais lamang magsaya sa kaginhawahan. Kapag mas pinaglilingkod ka sa pakikipagtulungan sa iba, mas marami kang mararanasan. Dahil mas marami kang pasanin at karanasan, magkakaroon ka ng mas maraming pagkakataong maperpekto. Samakatuwid, kung kaya mong paglingkuran nang tapat ang Diyos, isasaisip mo ang pasanin ng Diyos; dahil diyan, magkakaroon ka ng mas maraming pagkakataong maperpekto ng Diyos. Ang gayong grupo lamang ng mga tao ang

kasalukuyang pineperpekto. Kapag mas inaantig ka ng Banal na Espiritu, mas maraming panahon kang iuukol sa pagsasaisip sa pasanin ng Diyos, mas mapeperpekto ka ng Diyos, at mas makakamit ka Niya—hanggang, sa bandang huli, magiging isang tao ka na kinakasangkapan ng Diyos. Sa kasalukuyan, may ilan na walang dinadalang pasanin para sa iglesia. Ang mga taong ito ay maluwag at pabaya, at ang tanging pinahahalagahan nila ay ang sarili nilang laman. Ang gayong mga tao ay masyadong makasarili, at bulag din sila. Kung hindi malinaw sa iyo ang bagay na ito, hindi ka magdadala ng anumang pasanin. Kapag mas isinasaisip mo ang kalooban ng Diyos, mas mabigat ang pasaning ipagkakatiwala Niya sa iyo. Ang mga makasarili ay ayaw magtiis ng gayong mga bagay; ayaw nilang bayaran ang halaga, at, dahil dito, mawawalan sila ng mga pagkakataong maperpekto ng Diyos. Hindi ba nila sinasaktan ang kanilang sarili? Kung ikaw ay isang tao na isinasaisip ang kalooban ng Diyos, makakabuo ka ng tunay na pasanin para sa iglesia. Sa katunayan, sa halip na tawagin itong pasanin na dinadala mo para sa iglesia, mas mainam na tawagin itong pasanin na dinadala mo para sa iyong sariling buhay, dahil ang layunin ng pasaning ito na binubuo mo para sa iglesia ay para magamit mo ang gayong mga karanasan upang maperpekto ka ng Diyos. Samakatuwid, sinuman ang nagdadala ng pinakamabigat na pasanin para sa iglesia, at sinuman ang nagdadala ng isang pasanin para makapasok sa buhay—sila ang magiging mga taong pineperpekto ng Diyos. Malinaw na ba ito sa iyo? Kung ang iglesiang kinabibilangan mo ay nakakalat na parang buhangin, ngunit hindi ka nag-aalala ni nababahala, at nagbubulag-bulagan ka pa kapag hindi normal na kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos ang iyong mga kapatid, hindi ka nagdadala ng anumang mga pasanin. Ang gayong mga tao ay hindi ang klaseng kinatutuwaan ng Diyos. Ang klase ng mga taong kinatutuwaan ng Diyos ay nagugutom at nauuhaw para sa katuwiran at isinasaisip ang kalooban ng Diyos. Sa gayon, dapat ninyong isaisip ang pasanin ng Diyos, ngayon mismo; hindi ninyo dapat hintaying ihayag ng Diyos ang Kanyang matuwid na disposisyon sa buong sangkatauhan bago ninyo isaisip ang pasanin ng Diyos. Hindi ba magiging

huli na ang lahat sa oras na iyon? Ngayon ang magandang pagkakataon upang maperpekto ng Diyos. Kung hahayaan mong makalagpas ang pagkakataong ito, pagsisisihan mo iyon habambuhay, gaya noong hindi nagawang pumasok ni Moises sa magandang lupain ng Canaan at pinagsisihan niya ito habambuhay, at namatay nang may taos na pagsisisi. Kapag naihayag na ng Diyos ang Kanyang matuwid na disposisyon sa lahat ng bayan, mapupuspos ka ng pagsisisi. Kahit hindi ka kastiguhin ng Diyos, kakastiguhin mo ang iyong sarili dahil sa sarili mong taos na pagsisisi. Hindi kumbinsido rito ang ilan, ngunit kung hindi ka naniniwala rito, maghintay ka lang at makikita mo. May ilang tao na ang tanging layunin ay tuparin ang mga salitang ito. Handa ka bang isakripisyo ang sarili mo para sa mga salitang ito?

Kung hindi ka naghahanap ng mga pagkakataong maperpekto ng Diyos, at kung hindi ka nagpupunyaging makaungos sa grupo sa paghahangad mong maperpekto, sa bandang huli ay mapupuspos ka ng pagsisisi. Ngayon ang pinakamainam na pagkakataong maperpekto; ngayon ay napakagandang panahon. Kung hindi mo marubdob na hinahangad na maperpekto ng Diyos, kapag nagwakas na ang Kanyang gawain, magiging huli na ang lahat—nalagpasan ka na ng pagkakataon. Gaano man kadakila ang iyong mga hangarin, kung hindi na gumaganap ng gawain ang Diyos, anuman ang gawin mo, hindi ka na kailanman mapeperpekto. Kailangan mong samantalahin ang pagkakataong ito at makipagtulungan habang ginagawa ng Banal na Espiritu ang Kanyang dakilang gawain. Kung makalagpas sa iyo ang pagkakataong ito, hindi ka na mabibigyan ng isa pa, anuman ang gawin mo. Ang ilan sa inyo ay tumatawag, “Diyos ko, handa akong isaisip ang Iyong pasanin, at handa akong palugurin ang Iyong kalooban!” Gayunman, wala kang landas upang magsagawa, kaya hindi magtatagal ang iyong mga pasanin. Kung may isang landas sa iyong harapan, magkakaroon ka ng karanasan nang paisa-isang hakbang, at ang iyong karanasan ay magiging planado at maayos. Kapag natapos na ang isang pasanin, bibigyan ka ng isa pa. Habang lumalalim ang iyong karanasan sa buhay, mas lalalim din ang iyong mga

pasanin. Ang ilang tao ay nagdadala lamang ng isang pasanin kapag inantig ng Banal na Espiritu; pagkaraan ng kaunting panahon, kapag wala na silang landas ng pagsasagawa, tumitigil silang magdala ng anumang mga pasanin. Hindi ka magkakaroon ng mga pasanin sa pagkain at pag-inom lamang ng mga salita ng Diyos. Sa pag-unawa sa maraming katotohanan, magkakaroon ka ng paghiwatig, matututo kang lumutas ng mga problema gamit ang katotohanan, at magkakaroon ka ng mas tumpak na pagkaunawa tungkol sa mga salita at kalooban ng Diyos. Sa pamamagitan ng mga bagay na ito, magkakaroon ka ng dadalhing mga pasanin, at saka mo lamang magagawang gampanan ang gawain nang wasto. Kung mayroon kang isang pasanin, ngunit wala kang malinaw na pagkaunawa sa katotohanan, hindi rin maaari iyan; kailangan mong maranasan mismo ang mga salita ng Diyos at malaman kung paano isagawa ang mga ito. Matapos kang makapasok sa realidad, saka ka lamang maaaring maglaan para sa iba, manguna sa iba, at maperpekto ng Diyos.

Hinango mula sa “Isaisip ang Kalooban ng Diyos para Makamit ang Pagiging Perpekto” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Yaong naglilingkod sa Diyos ay dapat maging mga kaniig ng Diyos, dapat ay nakalulugod sila sa Diyos, at may kakayahan ng sukdulang katapatan sa Diyos. Ikaw man ay kumikilos sa pribado o sa harap ng publiko, ikaw ay nakatatamo ng kagalakan ng Diyos sa harap ng Diyos, ikaw ay may kakayahang manindigan sa harap ng Diyos, at paano ka man tratuhin ng ibang mga tao, lagi mong tinatahak ang landas na dapat mong tahakin, at masusing pinangangalagaan ang pasanin ng Diyos. Tanging ganitong mga tao ang mga kaniig ng Diyos. Na nakakaya ng mga kaniig ng Diyos na direktang maglingkod sa Kanya ay dahil nabigyan na sila ng dakilang tagubilin ng Diyos, at pasanin ng Diyos, nagagawa nilang damahin ang puso ng Diyos bilang kanila, at dalhin ang pasanin ng Diyos bilang kanila, at hindi nila isinasaalang-alang ang kanilang mga layunin sa hinaharap: Kahit na wala silang mga layunin, at hindi sila makikinabang,

sila ay palaging maniniwala sa Diyos nang may mapagmahal na puso. At dahil dito, ang ganitong uri ng tao ay kaniig ng Diyos. Ang mga kaniig ng Diyos ay Kanya ring mga pinagkakatiwalaan; ang mga pinagkakatiwalaan lamang ng Diyos ang magagawang makibahagi sa Kanyang pagkabalisa, at sa Kanyang mga saloobin, at bagaman ang kanilang laman ay makirot at mahina, natitiis nila ang kirot at tinatalikdan yaong kanilang kasiyahan upang mapasaya ang Diyos. Nagbibigay ang Diyos ng mas maraming pasanin sa gayong mga tao, at kung ano ang nais gawin ng Diyos ay pinatutunayan ng ganoong patotoo ng mga tao. Sa gayon, nakalulugod ang mga taong ito sa Diyos, sila ay mga lingkod ng Diyos na kaayon ng Kanyang sariling puso, at ang mga tao lamang na tulad nito ang maaaring mamuno kasama ng Diyos. Kapag ikaw ay tunay na naging kaniig ng Diyos ay kung kailan ka talaga mamumuno na kasama ng Diyos.

Hinango mula sa “Paano Maglingkod na Kaayon ng Kalooban ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Nagawa ni Jesus na tapusin ang tagubilin ng Diyos—ang gawain ng pagtubos sa buong sangkatauhan—dahil ibinigay Niya ang masusing pangangalaga sa kalooban ng Diyos, nang walang pansariling mga plano at pagsasaayos. Kaya, ganun din, Siya ay kaniig ng Diyos—ang Diyos Mismo, na isang bagay na nauunawaan ninyong lahat nang napakaigi. (Ang totoo, Siya ang Diyos Mismo na pinatotohanan ng Diyos. Binabanggit Ko ito dito upang gamitin ang katunayan ni Jesus upang isalarawan ang usapin.) Nagawa Niyang ilagay ang plano ng pamamahala ng Diyos sa pinakasentro, at palaging nanalangin sa Ama sa langit at hinangad ang kalooban ng Ama sa langit. Nanalangin Siya at nagsabi: “Diyos Ama! Ganapin yaong Iyong kalooban, at kumilos hindi ayon sa Aking mga kagustuhan kundi ayon sa Iyong plano. Maaaring mahina ang tao, nguni’t bakit Ka dapat mag-alala para sa kanya? Paano magiging karapat-dapat ang tao sa Iyong pag-aalala, ang tao na tulad ng isang langgam sa Iyong kamay? Sa Aking puso, nais Ko lamang na tuparin ang Iyong kalooban, at nais Ko na Iyong magagawa ang nais Mong gawin sa Akin ayon sa Iyong

sariling mga kagustuhan.” Habang nasa daan patungong Jerusalem, si Jesus ay nagdurusa, na para bang isang kutsilyo ang pinipilipit sa Kanyang puso, subali’t Siya ay wala ni bahagya mang intensyong talikuran ang Kanyang salita; palaging mayroong isang makapangyarihang puwersang humihimok sa Kanya na sumulong kung saan Siya ay ipapako sa krus. Sa kahuli-hulihan, Siya ay ipinako sa krus at naging wangis ng makasalanang laman, tinatapos ang gawain ng pagtubos sa sangkatauhan. Nakawala Siya sa mga gapos ng kamatayan at ng Hades. Sa harap Niya, ang mortalidad, impiyerno, at Hades ay nawalan ng kapangyarihan, at nalupig Niya. Siya ay nabuhay sa loob ng tatlumpu’t tatlong taon, sa kabuuan nito ay palagi Niyang ginawa ang Kanyang makakaya upang tuparin ang kalooban ng Diyos ayon sa gawain ng Diyos sa panahong iyon, hindi kailanman isinasaalang-alang ang Kanyang pansariling pakinabang o kawalan, at palaging iniisip ang kalooban ng Diyos Ama. Kaya, matapos na Siya ay nabautismuhan, sinabi ng Diyos: “Ito ang sinisinta Kong Anak, na siya Kong lubos na kinalulugdan.” Dahil sa Kanyang serbisyo sa harap ng Diyos na ayon sa kalooban ng Diyos, inilagay ng Diyos ang mabigat na pasanin ng pagtubos sa buong sangkatauhan sa Kanyang mga balikat at pinahayo Siya upang tuparin ito, at Siya ay kwalipikado at nararapat na tumapos sa mahalagang gawaing ito. Sa kabuuan ng Kanyang buhay, tiniis Niya ang di-masusukat na pagdurusa para sa Diyos, at Siya ay tinukso ni Satanas nang di-mabilang na beses, nguni’t Siya ay hindi kailanman pinanghinaan ng loob. Binigyan Siya ng Diyos ng gayong napakalaking gawain dahil ang Diyos ay nagtitiwala sa Kanya, at nagmamahal sa Kanya, at kaya personal na sinabi ng Diyos: “Ito ang sinisinta Kong Anak, na siya Kong lubos na kinalulugdan.” Sa panahong iyon, si Jesus lamang ang maaaring tumupad sa tagubilin na ito, at ito ay isang praktikal na aspeto ng pagtatapos ng Diyos sa Kanyang gawain ng pagtubos sa buong sangkatauhan sa Kapanahunan ng Biyaya.

Kung, katulad ni Jesus, may kakayahan kayo na masusing pangalagaan ang pasanin ng Diyos, at talikuran ang inyong laman, ipagkakatiwala sa inyo ng Diyos ang Kanyang mahahalagang gawain sa

inyo, upang inyong matugunan ang mga kondisyon sa paglilingkod sa Diyos. Sa gayong mga pagkakataon lamang kayo mangangahas magsabi na inyong ginagawa ang kalooban ng Diyos at tinatapos ang Kanyang tagubilin, at doon lamang kayo mangangahas magsabi na kayo ay tunay na naglilingkod sa Diyos.

Hinango mula sa “Paano Maglingkod na Kaayon ng Kalooban ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang pag-ibig sa Diyos ay nangangailangan ng paghahanap sa kalooban ng Diyos sa lahat ng bagay, at na malalim kang magsiyasat kapag may anumang nangyayari sa iyo, sinusubukang maunawaan ang kalooban ng Diyos, at sinusubukang makita kung ano ang kalooban ng Diyos sa bagay na ito, kung ano ang nais Niyang makamit mo, at kung paano mo dapat isaisip ang Kanyang kalooban. Halimbawa: May nangyari na kinakailangan kang magtiis ng hirap, kung kailan dapat mong maunawaan kung ano ang kalooban ng Diyos at kung paano mo dapat isaisip ang Kanyang kalooban. Hindi mo dapat bigyang-kasiyahan ang iyong sarili: Isantabi mo muna ang iyong sarili. Wala nang mas kasuklam-suklam pa kaysa sa laman. Kailangan mong sikapin na mabigyan-kasiyahan ang Diyos, at dapat mong tuparin ang iyong tungkulin. Dahil sa gayong mga kaisipan, dadalhan ka ng Diyos ng natatanging kaliwanagan sa bagay na ito, at makakahanap din ng kaginhawahan ang puso mo. Maliit man o malaki, kapag may nangyayari sa iyo, dapat mo munang isantabi ang iyong sarili at ituring ang laman bilang ang pinakamababa sa lahat ng bagay. Habang mas binibigyang-kasiyahan mo ang laman, mas kumikilos ito nang walang permiso; kung bibigyang-kasiyahan mo ito ngayon, higit pa ang hihingin nito sa susunod. Habang nagpapatuloy ito, lalo pang napapamahal sa mga tao ang laman. Ang laman ay laging mayroong maluluhong pagnanasa, palagi nitong hinihingi sa iyo na bigyan ito ng kasiyahan at palugurin ito sa kalooban mo, maging ito man ay sa mga bagay na iyong kinakain, iyong sinusuot, o sa pag-init ng ulo mo, o pagpapabuyo sa mga sarili mong kahinaan at katamaran…. Habang lalo

mong binibigyang-kasiyahan ang laman, mas tumitindi ang mga pagnanasa nito, at mas nagiging mapagpasasa ang laman, hanggang umabot sa puntong ang laman ng mga tao ay nagkikimkim na ng mas malalalim pang mga kuro-kuro, at sumusuway sa Diyos, at dinadakila ang sarili nito, at nagiging mapagduda sa gawain ng Diyos. Habang lalo mong binibigyang-kasiyahan ang laman, mas tumitindi ang mga kahinaan ng laman; palagi mong mararamdaman na walang sinumang nakikisimpatiya sa iyong mga kahinaan, lagi kang maniniwalang sumusobra na ang Diyos, at sasabihin mong: “Paano ba naging sobrang malupit ang Diyos? Bakit hindi Niya lubayan ang mga tao?” Kapag binibigyang-kasiyahan ng mga tao ang laman at labis itong minamahal, sinisira nila ang kanilang sarili. Kung tunay mong iniibig ang Diyos at hindi mo binibigyang-kasiyahan ang laman, makikita mo na ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay napakawasto at napakabuti, at na ang Kanyang sumpa sa iyong paghihimagsik at hatol sa iyong di-pagkamatuwid ay naaangkop. Magkakaroon ng mga panahon na ikaw ay itinutuwid at dinidisiplina ng Diyos, at bumubuo ng kapaligiran para magtimpi ka, pipilit sa iyo na lumapit sa harap Niya—at lagi mong mararamdamang ang ginagawa ng Diyos ay kahanga-hanga. Kaya mararamdaman mong parang hindi masyadong masakit, at na ang Diyos ay talagang kaibig-ibig. Kung magpapabuyo ka sa mga kahinaan ng laman at sasabihing sumusobra na ang Diyos, lagi kang makararamdam na nasasaktan ka, at palagi kang malulumbay, at magiging malabo sa iyo ang lahat ng gawain ng Diyos, at magmumukhang hindi man lang nakikiramay ang Diyos sa mga kahinaan ng tao at hindi batid ang mga paghihirap ng tao. At sa gayon, palagi kang makakaramdam ng kalungkutan at pag-iisa, na para bang nagdusa ka ng malaking kawalan ng katarungan, at sa oras na ito ay magsisimula kang magreklamo. Habang lalo kang nagpapabuyo sa mga kahinaan ng laman sa ganitong paraan, lalo mong mararamdaman na sumusobra na ang Diyos, hanggang sa lumala ito at iyo nang itanggi ang gawain ng Diyos, at magsimulang sumalungat sa Diyos, at maging puno ng pagsuway. Kaya, dapat kang maghimagsik laban sa laman, at hindi magpabuyo rito: “Ang aking asawang lalaki (asawang babae), mga

anak, mga inaasam, pag-aasawa, pamilya—walang mahalaga sa kanila! Ang Diyos lamang ang nasa puso ko, at dapat kong subukan sa abot ng aking makakaya na pasiyahin ang Diyos at hindi ang laman.” Dapat kang magkaroon ng ganitong kapasyahan. Kung palagi mong taglay ang ganitong kapasyahan, kapag isinagawa mo ang katotohanan, at isinantabi ang iyong sarili, magagawa mo ito nang walang gaanong hirap. Sinasabi na may isang magsasaka noon na nakakita ng ahas na naninigas sa lamig sa kalsada. Pinulot ito ng magsasaka at inilagay ito sa kanyang dibdib, at matapos na makabawi ng lakas ang ahas ay tinuklaw nito ang magsasaka hanggang sa mamatay ito. Ang laman ng tao ay tulad ng ahas: Ang diwa nito ay ang mapinsala ang kanilang buhay—at kapag ganap itong nasunod, mawawala ang iyong buhay. Ang laman ay pagmamay-ari ni Satanas. Sa loob nito ay mayroong maluluhong pagnanasa, iniisip lamang nito ang sarili nito, nais nitong magtamasa ng kaginhawahan at magsaya sa paglilibang, magumon sa kakuparan at katamaran, at matapos itong bigyang-kasiyahan nang bahagya ay kakainin kayo nito sa bandang huli. Na ang ibig sabihin, kung bibigyang-kasiyahan ninyo ito ngayon, mas marami itong hihingin sa susunod. Lagi itong may maluluhong pagnanasa at mga bagong kahilingan, at sinasamantala ang iyong pagkabuyo sa laman upang gawin kang mas pahalagahan ito at mamuhay kasama ng mga ginhawa nito—at kung hindi mo ito madaraig, sisirain mo ang iyong sarili sa huli. Kung makakapagkamit ka ng buhay sa harap ng Diyos, at kung ano ang iyong magiging katapusan sa huli, ay nakasalalay sa kung paano mo isinasagawa ang iyong paghihimagsik laban sa laman. Iniligtas ka ng Diyos, at ikaw ay pinili at itinalaga, ngunit kung ngayon ay ayaw mo Siyang bigyang-kasiyahan, ayaw mong isagawa ang katotohanan, ayaw mong maghimagsik laban sa iyong sariling laman nang may pusong tunay na nagmamahal sa Diyos, sa bandang huli ay ipapahamak mo ang iyong sarili, at sa gayon ay magtitiis ng matinding sakit. Kung lagi kang nagpapabuyo sa laman, dahan-dahan kang lulunukin ni Satanas, at iiwan kang walang buhay, o haplos ng Espiritu, hanggang dumating ang araw na ganap nang madilim ang kalooban mo. Kapag nabubuhay ka sa kadiliman,

nabihag ka na ni Satanas, hindi mo na taglay ang Diyos sa puso mo, at sa panahong iyon ay pabubulaanan mo ang pag-iral ng Diyos at iiwanan Siya. Kaya, kung nais ng mga taong ibigin ang Diyos, dapat silang magbayad ng sakit at magtiis ng paghihirap. Hindi na kailangan ang panlabas na pagkataimtim at paghihirap, higit na pagbabasa at dagdag na pagiging abala; sa halip, dapat nilang isantabi ang mga bagay na nasa kanilang kalooban: ang maluluhong kaisipan, mga personal na interes, at ang sarili nilang mga konsiderasyon, mga kuro-kuro at mga layunin. Iyon ang kalooban ng Diyos.

Hinango mula sa “Ang Pagmamahal Lamang sa Diyos ang Tunay na Pananampalataya sa Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Dapat ninyong gawin ang inyong sariling tungkulin sa abot ng inyong makakaya nang may bukas at tapat na mga puso, at maging handang magbayad ng anumang kinakailangang halaga. Gaya nga ng sinabi ninyo, pagdating ng araw na iyon, hindi pababayaan ng Diyos ang sinumang nagdusa o nagbayad para sa Kanya. Ang ganitong uri ng matibay na paniniwala ay karapat-dapat panghawakan, at nararapat lamang na hindi ninyo ito kailanman kalimutan. Sa ganitong paraan Ko lamang mapapalagay ang Aking isipan ukol sa inyo. Kung hindi, magpakailanman kayong magiging mga taong hindi Ko makakayang ipagpalagay ang Aking isipan, at magpakailanman kayong magiging mga layon ng Aking pag-ayaw. Kung masusunod ninyong lahat ang inyong konsensya, at ibibigay ang inyong lahat para sa Akin, nang walang hindi pagsusumikapan para sa Aking gawain, at mag-uukol ng buong buhay na pagsusumikap sa Aking gawain ng ebanghelyo, hindi ba’t laging lulukso sa tuwa ang Aking puso dahil sa inyo? Sa ganitong paraan, lubos Kong mapapalagay ang Aking isipan ukol sa inyo, hindi ba? Nakapanghihinayang na ang tanging nagagawa ninyo ay hamak at katiting na bahagi lamang ng Aking inaasahan. Yamang ganito ang kalagayan, ano’t may lakas kayo ng loob na hingin sa Akin ang inyong inaasam?

Hinango mula sa “Tungkol sa Hantungan” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

168. Ang mga Prinsipyo ng Pag-aaliw sa Puso ng Diyos

(1) Tumutok sa pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, pag-unawa sa katotohanan, at pagsasabuhay ng mga ito. Magtamo ng pagpasok sa katotohanang realidad, at mamuhay na tunay na kawangis ng tao;

(2) Upang gantihan ang pag-ibig ng Diyos, dapat na maayos na gampanan ng tao ang kanilang tungkulin, pangalagaan ang gawain ng Diyos sa abot ng kanilang makakaya, at panatilihin ang kanilang pagmamahal;

(3) Sa gitna ng mga pagsubok at pagpipino, hangarin mo lamang na maunawaan ang kalooban ng Diyos at ang manatiling matatag sa iyong patotoo gaano man kalaki ang iyong paghihirap upang maluwalhati at mabigyan Siya ng kaluguran;

(4) Hangarin mo ang katotohanan at maging isang tapat na tao, gugulin ang iyong sarili para sa Diyos nang may katapatan, ilaan ang iyong sarili sa pagsunod sa Kanya at magpatotoo para sa Kanya, at maging isang taong tunay na umiibig sa Diyos.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Umaasa lamang Ako na sa huling yugto ng Aking gawain, maibibigay ninyo ang inyong pinakamahusay na pagganap, at mailalaan ninyo ang inyong mga sarili nang buong puso, hindi na kalahati lamang. Mangyari pa, umaasa rin Ako na lahat kayo ay magkakaroon ng isang magandang hantungan. Gayunpaman, mayroon pa rin Akong kinakailangan, at ito ay ang magawa ninyo ang pinakamahusay na desisyon na ihandog sa Akin ang inyong natatangi at huling pamimintuho. Kung may isang tao na walang ganitong natatanging pamimintuho, tiyak na siya ay isang iniingatang pag-aari ni Satanas, at hindi Ko na ipagpapatuloy ang paggamit sa kanya kundi pauuwiin Ko siya para alagaan ng kanyang mga magulang. Malaking tulong sa inyo ang Aking gawain; ang inaasahan Kong makuha sa inyo ay pusong tapat at naghahangad paitaas, ngunit hanggang sa kasalukuyan, wala pa ring laman ang Aking mga kamay. Pakaisipin ninyo ito: Kung pagdating ng araw ay naaagrabyado pa rin Ako, na walang sapat

na mga salitang makapaglarawan dito, ano ang Aking magiging saloobin sa inyo noon? Magiging magiliw pa rin kaya Ako sa inyo katulad ngayon? Magiging ganito pa rin kaya kapayapa ang Aking puso? Nauunawaan ba ninyo ang damdamin ng isang taong matapos maingat na magsaka sa bukid ay hindi man lamang umani ng kahit na isang butil? Nauunawaan ba ninyo kung gaano kalaki ang pinsala sa puso ng isang taong nakaranas ng matinding dagok? Nalalasahan ba ninyo ang pait ng taong noon ay puno ng pag-asa, na kailangang lumayo nang may hidwaan? Nakita na ba ninyo ang poot na nagmumula sa taong pinukaw ang damdamin? Kaya ba ninyong malaman ang pananabik sa paghihiganti ng isang taong pinakitunguhan nang may poot at panlilinlang? Kung naiintindihan ninyo ang pag-iisip ng mga taong ito, sa tingin Ko ay hindi magiging mahirap para sa inyo na maisip ang saloobin ng Diyos sa panahon ng Kanyang pagganti! Bilang pangwakas, umaasa Akong lahat kayo ay lubos na nagsisikap para sa inyong sariling hantungan; bagama't makabubuting hindi kayo gumamit ng mapanlinlang na mga paraan sa inyong mga pagsusumikap, kung hindi ay patuloy Akong madidismaya sa inyo sa Aking puso. At saan humahantong ang gayong pagkadismaya? Hindi ba ninyo nililinlang ang inyong mga sarili? Ang mga taong iniisip ang kanilang hantungan ngunit sinisira ito ay ang mga taong pinakamaliit ang kakayahang mailigtas. Kahit na mayamot at magalit ang gayong tao, sino ang magkakaroon ng simpatya sa ganoong klaseng tao? Sa kabuuan, ninanais Ko pa rin na magkaroon kayo ng hantungang kapwa nararapat at mabuti, at, higit pa rito, umaasa Akong walang sinuman sa inyo ang mahuhulog sa kapahamakan.

Hinango mula sa "Tungkol sa Hantungan" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Masakit ang ginagawang sakripisyo ng Diyos alang-alang sa bawat indibiduwal. Itinutuon Niya ang Kanyang kalooban sa bawat isang tao, na may mga inaasahan at inaasam para sa lahat. Malaya Siyang gumagawa ng masakit na sakripisyo para sa mga tao ayon sa Kanyang sariling kalooban, at kusa Niyang ibinibigay ang Kanyang buhay at katotohanan sa

bawat indibiduwal. Kaya nasisiyahan ang Diyos kung nauunawaan ng isang tao ang layon Niyang ito. Kung natatanggap at nasusunod mo ang mga bagay na ginagawa Niya, at kung natatanggap mo ang lahat mula sa Diyos, nadarama Niya na ang masakit na sakripisyong iyon ay hindi nawalan nang kabuluhan. Ang ibig sabihin niyan, kung namuhay ka nang marapat sa pangangalaga at pag-iisip na naipuhunan sa iyo ng Diyos, natamo mo na ang mga gantimpala sa bawat sitwasyon, at hindi mo Siya nabigo sa mga inaasam Niya sa iyo, at kung ang ginagawa sa iyo ng Diyos ay nagkaroon na ng inaasahang epekto at umabot na sa inaasahang layunin, nasisiyahan ang puso ng Diyos. Kung hindi mo kailanaman tinatanggap kung anong ginagawa sa iyo ng Diyos, sa halip ay palaging tinatanggihan at nilalabanan ito, hindi ba Siya mababahala kung ganun? Mag-aalala Siya at mababahala at sasabihin Niya, “Inayos ko ang mga kapaligiran para sa iyo at binayaran ang isang napakabigat na halaga, pero bakit walang bunga? Bakit walang isa sa mga ito ang nakaantig sa iyong puso?” Kung hindi makita ng Diyos na ang gawaing Kanyang ginawa ay may nagawa sa iyo, masasaktan Siya. Bakit Siya nasasaktan? Ito ay dahil manhid ka, ignorante, mapagmataas, at matigas ang ulo; hindi mo nauunawaan ang Kaniyang kalooban, ni hindi mo tinatanggap ang katotohanan. Inaako ng Diyos ang tungkulin para sa iyong buhay, at nag-aalala Siya at nababahala para dito. Ito ang dahilan kung bakit nasasaktan ang damdamin ng Diyos.

Hinango mula sa “Para Tamuhin ang Katotohanan, Dapat Matuto Ka Mula sa Mga Tao, Mga Pangyayari, at Mga Bagay sa Paligid Mo” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Lubos na pinahahalagahan ng Diyos ang pagkamasunurin ng tao sa Kanya, at minamahal ang pag-unawa ng tao sa Kanya at ang katapatan tungo sa Kanya. Gaano minamahal ng Diyos ang katapatang ito? Maaaring hindi ninyo maunawaan kung gaano Niya ito minamahal, at maaaring wala ni isa ang nakakaunawa nito. Ibinigay ng Diyos ang isang anak na lalaki kay Abraham, at nang lumaki ang batang ito, hiningi ng Diyos kay Abraham na ialay ang kanyang anak sa Diyos. Sinunod ni Abraham ang utos ng

Diyos nang walang labis at walang kulang, sinunod niya ang salita ng Diyos, at ang kanyang katapatan ay nakaantig sa damdamin ng Diyos at pinahalagahan ng Diyos. Gaano ito pinahalagahan ng Diyos? At bakit Niya ito pinahalagahan? Sa panahong walang nakaunawa sa mga salita ng Diyos o nakaintindi sa Kanyang puso, may ginawa si Abraham na nagpayanig sa kalangitan at nagpanginig sa kalupaan, at nagbigay ito ng hindi matatawarang kasiyahan sa Diyos, at nagbigay sa Diyos ng kagalakan sa pagkamit ng isang tao na kayang sundin ang Kanyang mga salita. Ang kasiyahan at kagalakan na ito ay nagmula sa isang nilalang na gawa ng sariling kamay ng Diyos, at ang unang "sakripisyo" na inialay ng tao sa Diyos at pinaka-pinahalagahan ng Diyos, magmula nang likhain ang tao. Nahirapan ang Diyos na hintayin ang sakripisyong ito, at trinato Niya ito bilang unang pinakamahalagang regalo na mula sa tao, na Kanyang nilikha. Ipinakita nito sa Diyos ang unang bunga ng Kanyang mga pagsusumikap at ang halaga na Kanyang binayaran, at hinayaan Siyang makita ang pag-asa na mayroon ang sangkatauhan. Pagkatapos, nagkaroon ang Diyos ng higit pang pananabik para sa isang grupo ng ganitong uri ng tao upang samahan Siya, tratuhin Siya nang may katapatan, bigyan Siya ng kalinga nang may katapatan. Umasa pa ang Diyos na patuloy na mabubuhay si Abraham, dahil ninais Niyang magkaroon ng ganitong uri ng puso upang samahan Siya sa pagpapatuloy Niya sa Kanyang pamamahala. Anuman ang nais ng Diyos, isa lamang itong hangarin, isa lamang ideya—dahil si Abraham ay tao lamang na nagawa Siyang sundin, at wala ni kakaunting pagkaunawa o kaalaman tungkol sa Diyos. Si Abraham ay isang taong masyadong malayo ang agwat sa mga sumusunod na pamantayan na kinakailangan ng Diyos para sa tao: pagkilala sa Diyos, kakayahang magpatotoo tungkol sa Diyos, at pakikiisa sa isipan ng Diyos. Dahil dito, hindi siya maaaring lumakad kasama ng Diyos. Sa paghahandog ni Abraham kay Isaac, nakita ng Diyos ang katapatan at pagkamasunurin ni Abraham, at nakita Niyang napagtagumpayan ni Abraham ang pagsubok ng Diyos sa kanya. Kahit pa tinanggap ng Diyos ang kanyang katapatan at pagkamasunurin, hindi pa

rin siya karapat-dapat na pagkatiwalaan ng Diyos, at maging isang nilalang na kilala ang Diyos at naunawaan ang Diyos, at magkaroon ng kaalaman tungkol sa disposisyon ng Diyos. Malayo siya sa pagiging kaisa sa isipan ng Diyos at sa paggawa ng Kanyang kalooban. Dahil dito, sa Kanyang puso, ang Diyos ay malungkot at nababahala pa rin. Habang mas nalulungkot at nababahala ang Diyos, mas kinailangan Niyang ipagpatuloy ang Kanyang pamamahala sa lalong madaling panahon, at makapili at magkamit ng isang grupo ng mga tao, upang matupad ang Kanyang planong pamamahala at makamit ang Kanyang kalooban sa lalong madaling panahon. Ito ang masugid na pagnanais ng Diyos, at nanatili itong hindi nagbabago mula sa pinakasimula hanggang ngayon. Magmula pa nang likhain Niya ang tao sa simula, nananabik na ang Diyos sa isang grupo ng mga mananagumpay, isang grupo na kasabay Niyang lalakad, na nauunawaan, naiintindihan at nalalaman ang Kanyang disposisyon. Ang pagnanais na ito ng Diyos ay hindi kailanman nagbago. Gaano man Siya katagal na maghintay, gaano man kahirap ang daan sa hinaharap, gaano man kalayo ang mga layuning Kanyang kinasasabikan, hindi kailanman binago o isinuko ng Diyos ang Kanyang mga inaasahan sa tao.

Hinango mula sa “Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo II” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Umaasa lang Ako na hindi ninyo magagawang sayangin ang Aking mga pagsisikap, at, bukod pa roon, na magagawa ninyong maunawaan ang maingat na pangangalagang Aking ginawa, at ituring ang Aking mga salita bilang saligan ng kung paano kayo kumikilos bilang isang tao. Kung ang mga ito man ay ang uri ng mga salita na handa ninyong pakinggan o hindi, kung nasisiyahan man kayo o hindi na tanggapin ang mga ito o matatanggap lang ang mga ito nang may pagkabalisa, dapat ninyong seryosohin ang mga ito. Kung hindi, ang inyong mga di-seryoso at walang malasakit na mga disposisyon at mga asal ay lubhang magpapabahala sa Akin at talagang magpapasuklam sa Akin. Lubos Akong umaasa na lahat kayo ay magagawang basahin ang Aking mga salita nang paulit-ulit—nang

libu-libong beses—at maisasaulo pa nga ang mga ito. Sa ganitong paraan lang ninyo magagawang hindi biguin ang Aking mga inaasahan sa inyo. Subalit, wala sa inyo ang namumuhay nang ganito ngayon. Sa kabaligtaran, lahat kayo ay nalulubog sa isang pinasamang buhay, isang buhay ng pagkain at pag-inom hanggang sa inyong ikasisiya, at wala sa inyo ang gumagamit ng Aking mga salita upang mapayaman ang inyong puso at kaluluwa. Ito ang dahilan kung bakit nahinuha Ko ang totoong mukha ng sangkatauhan: Kaya Akong ipagkanulo ng tao anumang oras, at walang sinuman ang maaaring maging lubos na matapat sa Aking mga salita.

Hinango mula sa “Isang Napakaseryosong Problema: Pagkakanulo (1)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Dapat ninyong gawin ang inyong sariling tungkulin sa abot ng inyong makakaya nang may bukas at tapat na mga puso, at maging handang magbayad ng anumang kinakailangang halaga. Gaya nga ng sinabi ninyo, pagdating ng araw na iyon, hindi pababayaan ng Diyos ang sinumang nagdusa o nagbayad para sa Kanya. Ang ganitong uri ng matibay na paniniwala ay karapat-dapat panghawakan, at nararapat lamang na hindi ninyo ito kailanman kalimutan. Sa ganitong paraan Ko lamang mapapalagay ang Aking isipan ukol sa inyo. Kung hindi, magpakailanman kayong magiging mga taong hindi Ko makakayang ipagpalagay ang Aking isipan, at magpakailanman kayong magiging mga layon ng Aking pag-ayaw. Kung masusunod ninyong lahat ang inyong konsensya, at ibibigay ang inyong lahat para sa Akin, nang walang hindi pagsusumikapan para sa Aking gawain, at mag-uukol ng buong buhay na pagsusumikap sa Aking gawain ng ebanghelyo, hindi ba’t laging lulukso sa tuwa ang Aking puso dahil sa inyo? Sa ganitong paraan, lubos Kong mapapalagay ang Aking isipan ukol sa inyo, hindi ba? Nakapanghihinayang na ang tanging nagagawa ninyo ay hamak at katiting na bahagi lamang ng Aking inaasahan. Yamang ganito ang kalagayan, ano’t may lakas kayo ng loob na hingin sa Akin ang inyong inaasam?

Napakahalaga sa inyo ng inyong hantungan at kapalaran—ang mga ito ay ipinag-aalala ninyo nang lubos. Naniniwala kayong kapag hindi ninyo ginawa ang mga bagay nang maingat, magiging katumbas ito ng hindi pagkakaroon ng hantungan at ng pagkawasak ng inyong kapalaran. Subalit naisip na ba ninyo kailanman na ang mga taong nagsusumikap para lamang sa kanilang hantungan ay nagpapakapagod nang walang saysay? Hindi tunay ang gayong mga pagsisikap—huwad at mapanlinlang ang mga iyon. Kung gayon, ang mga taong nagsisikap para lamang sa kanilang hantungan ay nasa bungad na ng kanilang pangwakas na pagkatalo, dahil ang kabiguan sa paniniwala ng isang tao sa Diyos ay dulot ng panlilinlang. Nasabi Ko na noon na hindi Ko ninanais na Ako ay bolahin o kunwari'y hangaan, o pakitunguhan Ako nang may lubos na kasiglahan. Nais Ko na ang mga matapat na tao ay humarap sa Aking katotohanan at Aking mga inaasahan. Higit pa rito, naiibigan Ko sa tuwing ang mga tao ay nakakayang magpakita ng lubos na pangangalaga at pagsasaalang-alang sa Aking puso, at kapag nagagawa pa nilang isuko ang lahat para sa Aking kapakanan. Sa ganitong paraan lamang maaaring mabigyan ng kaginhawahan ang Aking puso.

Hinango mula sa "Tungkol sa Hantungan" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Paano man gumawa ang Diyos, at anuman ang iyong sitwasyon, nagagawa mong hangarin ang buhay at hanapin ang katotohanan, at hangaring makaalam tungkol sa gawain ng Diyos, at magkaroon ng pag-unawa sa Kanyang mga kilos, at nagagawa mong kumilos alinsunod sa katotohanan. Ang paggawa nito ang kahulugan ng pagkakaroon ng tunay na pananampalataya, at ang paggawa nito ay nagpapakita na hindi ka nawalan ng pananampalataya sa Diyos. Magkakaroon ka lamang ng tunay na pananampalataya sa Diyos kung nagagawa mong piliting hangarin ang katotohanan sa pamamagitan ng pagpipino, kung nagagawa mong tunay na mahalin ang Diyos at hindi ka nagkakaroon ng mga pagdududa tungkol sa Kanya, kung isinasagawa mo pa rin ang katotohanan anuman ang gawin Niya upang mapalugod Siya, at kung nagagawa mong hangarin

nang taos-puso ang Kanyang kalooban at isaalang-alang ang Kanyang kalooban. Noong araw, nang sinabi ng Diyos na mamumuno ka bilang isang hari, minahal mo Siya, at nang hayagan Siyang magpakita sa iyo, sinundan mo Siya. Ngunit ngayon nakatago ang Diyos, hindi mo Siya nakikita, at nagkaroon ka ng mga problema—nawawalan ka na ba ng pag-asa sa Diyos? Kaya nga, kailangan mong hangarin ang buhay at hangaring mapalugod ang kalooban ng Diyos sa lahat ng oras. Ang tawag dito ay tunay na pananampalataya, at ito ang pinakatunay at pinakamagandang uri ng pagmamahal.

… Kapag nagdurusa ka, kailangan mong magawang isantabi ang pag-aalala sa laman at huwag magreklamo laban sa Diyos. Kapag itinatago ng Diyos ang Kanyang Sarili mula sa iyo, kailangan mong magkaroon ng pananampalatayang sundan Siya, na mapanatili ang iyong dating pagmamahal nang hindi ito hinahayaang maging marupok o maglaho. Anuman ang gawin ng Diyos, kailangan kang magpasakop sa Kanyang plano at maging handang sumpain ang iyong sariling laman sa halip na magreklamo laban sa Kanya. Kapag nahaharap ka sa mga pagsubok, kailangan mong mapalugod ang Diyos, bagama't maaaring mapait ang iyong pagluha o nag-aatubili kang mawalay sa anumang bagay na minamahal mo. Ito lamang ang tunay na pagmamahal at pananampalataya. Anuman ang aktuwal mong tayog, kailangan mo munang magkaroon kapwa ng kahandaang dumanas ng paghihirap at ng tunay na pananampalataya, at kailangan ka ring magkaroon ng kahandaang talikdan ang laman. Dapat ay handa kang magtiis ng personal na mga paghihirap at magdusa ng mga kawalan sa iyong mga personal na interes upang mapalugod ang kalooban ng Diyos. Kailangan mo ring magkaroon ng kakayahang taos na magsisi tungkol sa iyong sarili: Noong araw, hindi mo nagawang mapalugod ang Diyos, at ngayon, maaari kang magsisi sa iyong sarili. Hindi ka dapat magkulang sa anuman sa mga bagay na ito—sa pamamagitan ng mga bagay na ito, gagawin kang perpekto ng Diyos. Kung hindi mo matutugunan ang mga pangangailangang ito, hindi ka magagawang perpekto.

Hinango mula sa “Yaong mga Gagawing Perpekto ay Kailangang Sumailalim sa Pagpipino” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Anuman ang hinihingi sa iyo ng Diyos, kailangan mo lamang pagsikapan ito nang buo mong lakas, at umaasa ako na makakapunta ka sa harapan ng Diyos at makapagbibigay sa Kanya ng iyong pinakamasidhing debosyon sa katapusan. Kung makikita mo ang nasisiyahang ngiti ng Diyos sa Kanyang trono, kung ito man ay ang oras ng iyong kamatayan, dapat mong makayang tumawa at ngumiti habang ipinipikit ang iyong mga mata. Dapat mong gawin ang iyong huling tungkulin sa Diyos sa iyong panahon sa lupa. Noon, si Pedro ay ipinako sa krus nang pabaligtad para sa Diyos; subalit dapat mong bigyang-kasiyahan ang Diyos sa katapusan, at ubusin ang lahat ng iyong lakas para sa Kanya. Ano ang maaaring gawin ng isang nilalang para sa Diyos? Dapat mong ibigay samakatuwid ang iyong sarili sa Diyos, nang mas maaga sa halip na mas huli, para maiwaksi ka Niya sa paraang nais Niya. Hangga’t napapasaya at nabibigyang-kaluguran nito ang Diyos, kung gayon ay hayaan Siyang gawin kung ano ang ninanais Niyang gawin sa iyo. Ano ang karapatan ng tao na bumigkas ng mga salita ng pagdaing?

Hinango mula sa “Kabanata 41” ng Mga Pakahulugan sa mga Hiwaga ng mga Salita ng Diyos sa Buong Sansinukob sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Nabuhay ba si Job nang may kabuluhan? Nasaan ang kabuluhan? Bakit sinabi na nabuhay siya nang may kabuluhan? Sa tao, ano ang kanyang halaga? Mula sa paningin ng tao, kinatawan niya ang sangkatauhan na nais iligtas ng Diyos, at nagdadala ng isang maugong na patotoo sa Diyos sa harap ni Satanas at ng mga tao sa mundo. Tinupad niya ang tungkulin na dapat na tuparin ng isang nilalang ng Diyos, nagtakda ng isang mabuting halimbawa, at kumilos bilang isang huwaran, para sa lahat ng nais iligtas ng Diyos, na nagpahintulot sa mga tao upang makita na maaaring magtagumpay nang ganap laban kay Satanas sa pamamagitan ng pag-asa sa Diyos. Ano ang kanyang halaga sa Diyos? Sa Diyos, ang halaga ng buhay ni Job ay nasa kanyang kakayahan na

magkaroon ng takot sa Diyos, sumamba sa Diyos, magpatotoo sa mga gawa ng Diyos, at purihin ang mga gawa ng Diyos, na nagdadala ng kaginhawahan sa Diyos at isang bagay na kasiya-siya; sa Diyos, ang halaga ng buhay ni Job ay makikita rin sa kung paano, bago ang kanyang kamatayan, naranasan ni Job ang mga pagsubok at nagtagumpay laban kay Satanas, at nagkaroon ng umuugong na patotoo sa Diyos sa harap ni Satanas at ng mga tao ng daigdig, na nagbibigay luwalhati sa Diyos sa gitna ng sangkatauhan, inaaliw ang puso ng Diyos, at nagpapahintulot sa sabik na puso ng Diyos upang masdan ang isang kinalabasan, at makita ang pag-asa. Ang kanyang patotoo ay nagtakda ng isang maaaring pamarisan para sa kakayahan na maging matatag sa patotoo ng tao sa Diyos, at nagpadala ng kahihiyan kay Satanas sa ngalan ng Diyos, sa gawain ng Diyos na pamahalaan ang sangkatauhan. Hindi ba ito ang halaga ng buhay ni Job? Si Job ay nagdulot ng kaginhawahan sa puso ng Diyos, ibinigay niya sa Diyos ang patikim sa saya ng pagtanggap ng papuri, at nagbigay ng isang kahanga-hangang simula para sa planong pamamahala ng Diyos. At mula sa puntong ito ang pangalan na Job ay naging isang simbolo para sa pagkaluwalhati ng Diyos, at isang tanda ng pagtatagumpay ng sangkatauhan laban kay Satanas. Ang isinabuhay ni Job buong buhay niya at ang kanyang kapansin-pansin na tagumpay laban kay Satanas ay itatangi ng Diyos magpakailanman, at ang kanyang pagka-perpekto at pagkamatuwid, at takot sa Diyos ay igagalang at tutularan ng mga henerasyon na darating. Siya ay itatangi ng Diyos magpakailanman tulad ng isang walang-kapintasan at makinang na perlas, at dahil dito siya ay karapat-dapat na pahalagahan din ng tao!

Hinango mula sa “Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo II” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang layunin ng pamamahala ng Diyos ay para matamo ang isang grupo ng mga tao na sumasamba sa Diyos at nagpapasakop sa Kanya. Bagama’t nagawa nang tiwali ni Satanas ang mga taong ito ay, hindi na nila itinuturing si Satanas bilang kanilang ama; nakikilala nila ang

kasuklam-suklam na mukha ni Satanas at tinatanggihan ito, at humaharap sila sa Diyos upang tanggapin ang Kanyang paghatol at pagkastigo. Nalalaman nila kung ano ang pangit at kung paano ito naiiba roon sa banal, at kinikilala nila ang kadakilaan ng Diyos at ang kasamaan ni Satanas. Ang isang sangkatauhang tulad nito ay hindi na gagawa para kay Satanas, o sasamba kay Satanas, o iidolohin si Satanas. Ito ay dahil sila ay isang grupo ng mga tao na tunay nang nakamit ng Diyos.

Hinango mula sa "Maaari Lamang Maligtas ang Tao sa Gitna ng Pamamahala ng Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Mula sa simula hanggang ngayon, tanging tao lamang ang may kakayahang makipag-usap sa Diyos. Sa lahat ng mga nabubuhay at mga nilalang ng Diyos, walang iba pa, maliban sa tao, ang nagawang makipag-usap sa Diyos. Ang tao ay may mga tainga na nagbibigay sa kanya ng kakayahang makarinig, at mga mata para siya ay makakita. Mayroon siyang wika, sariling mga ideya, at malayang kalooban. Nagmamay-ari siya ng lahat ng kailangan upang marinig ang Diyos na nangungusap, maintindihan ang kalooban ng Diyos, at tanggapin ang tagubilin ng Diyos, kung kaya't ipinaaalam ng Diyos ang lahat ng Kanyang mga hangarin sa tao, sa kagustuhan Niyang gawin ang tao na isang makakasama na kaisa Niya sa pag-iisip at makakasama Niya sa Kanyang paglalakad. Mula pa nang nagsimula Siyang mamahala, hinihintay na ng Diyos na ibigay ng tao ang kanyang puso sa Kanya, na hayaan Siyang gawin itong dalisay at ihanda ito, upang ito ay maging kasiya-siya sa Diyos at mahalin ng Diyos, upang sambahin niya ang Diyos at layuan ang kasamaan. Ang Diyos ay lubos na umasa at nag-abang sa kahihinatnang ito.

Hinango mula sa "Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo II" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

169. Ang mga Prinsipyo ng Tunay na Pag-ibig sa Diyos

(1) Sa pagsasagawa ng pag-ibig sa Diyos, dapat munang gampanang mabuti ng tao ang kanyang tungkulin nang hindi nagiging pabaya o

nawawalan ng interes. Gantihan ang pag-ibig ng Diyos sa katunayan ng konsiyensiya.

(2) Tanggapin ang paghatol at pagkastigo ng Diyos, at itakwil ang iyong tiwaling disposisyon. Tanggapin ang pagsisiyasat ng Diyos sa lahat ng bagay at matakot sa Diyos at iwasan ang kasamaan;

(3) Hangaring maging tapat na tao, tunay na makipagniig sa Diyos, alisin ang mga kuro-kuro, pagkakahiwalay, at hindi pagkakaunawaan, at magkaroon ng kakayahang magpakita ng pagsasaalang-alang para sa kalooban ng Diyos sa lahat ng bagay.

(4) Responsable at masusing tanggapin ang tagubilin ng Diyos. Magkaroon ng prinsipyo sa iyong mga pagkilos, at maging isang taong sumusunod sa kalooban ng Diyos;

(5) Alamin ang gawain ng Diyos, unawain ang Kanyang mga taimtim na hangarin, ibigin ang Kanyang katuwiran at kabanalan, at itaas at patotohanan Siya sa lahat ng bagay.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang diwa ng Diyos ay hindi lamang upang paniwalaan ito ng tao; higit pa rito, para mahalin ito ng tao. Subalit marami sa mga yaon na naniniwala sa Diyos ang hindi kayang tuklasin ang “lihim” na ito. Hindi nangangahas ang mga tao na mahalin ang Diyos, 0 sumusubok na mahalin Siya. Hindi nila kailanman natuklasan na marami ang kaibig-ibig sa Diyos; hindi nila kailanman natuklasan na ang Diyos ay ang Diyos na nagmamahal sa tao, at Siya ang Diyos na dapat mahalin ng tao. Ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos ay ipinahahayag sa Kanyang gawain: Sa pagdanas lamang sa Kanyang gawain maaaring matuklasan ng mga tao ang Kanyang pagiging kaibig-ibig, sa kanilang mga tunay na karanasan lamang maaari nilang pahalagahan ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos, at kung hindi ito mapagmamasdan sa tunay na buhay, walang sinuman ang makatutuklas sa pagiging kaibig-ibig ng Diyos. Napakaraming kaibig-ibig sa Diyos, ngunit kung walang tunay na pakikipag-ugnayan sa Kanya, walang kakayahan ang mga tao na tuklasin ito. Na ang ibig sabihin, kung hindi nagkatawang-tao ang Diyos, hindi makakaya ng mga tao ang aktuwal na makipag-

ugnayan sa Kanya, at kung hindi nila magawang aktuwal na makipag-ugnayan sa Kanya, hindi rin nila magagawang maranasan ang Kanyang gawain—at kaya't ang kanilang pagmamahal sa Diyos ay mababahiran ng maraming kasinungalingan at likhang-isip. Ang pagmamahal sa Diyos sa langit ay hindi kasingtunay ng pagmamahal sa Diyos sa lupa, dahil ang kaalaman ng mga tao sa Diyos sa langit ay nabuo sa kanilang mga imahinasyon, sa halip na sa kung ano ang nakita ng sarili nilang mga mata, at kung ano ang kanilang naging personal na naranasan. Kapag dumarating ang Diyos sa lupa, nagagawang pagmasdan ng mga tao ang Kanyang aktuwal na mga gawa at ang Kanyang pagiging kaibig-ibig, at nakikita nila ang lahat ng Kanyang praktikal at karaniwang disposisyon, ang lahat ng ito ay ilang libong ulit na higit na totoo kaysa sa kabatiran sa Diyos sa langit. Gaano man kamahal ng mga tao ang Diyos sa langit, walang anumang tunay sa pag-ibig na ito, at puno ito ng mga kaisipan ng tao. Gaano man kaliit ang kanilang pagmamahal para sa Diyos sa lupa, ang pagmamahal na ito ay tunay; kahit ito ay kakaunti lamang, ito ay tunay pa rin. Iniaatas ng Diyos sa tao na kilalanin Siya sa pamamagitan ng tunay na gawain, at sa pamamagitan ng kaalamang ito, nakakamit Niya ang kanilang pagmamahal. Katulad ito ni Pedro: Kung hindi siya namuhay kasama si Jesus, magiging imposible para sa kanya na sambahin si Jesus. Kaya, gayundin, ang kanyang katapatan kay Jesus ay nabuo sa kanyang pakikipag-ugnayan kay Jesus. Upang magawa Niya ang tao na mahalin Siya, ang Diyos ay dumating sa mga tao at namumuhay kasama ng tao, at ang lahat ng Kanyang ginagawa na makita at maranasan ng tao ay ang realidad ng Diyos.

Hinango mula sa "Ang mga Nagmamahal sa Diyos ay Mabubuhay Magpakailanman sa Kanyang Liwanag" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Walang aral ang mas malalim pa kaysa sa aral na ibigin ang Diyos, at masasabing ang aral na natututuhan ng mga tao sa habambuhay na paniniwala ay kung paano mahalin ang Diyos. Na ang ibig sabihin, kung naniniwala ka sa Diyos, dapat mong mahalin ang Diyos. Kung naniniwala

ka lamang sa Diyos ngunit hindi mo Siya minamahal at hindi mo pa nakamtan ang pagkilala sa Diyos, at hindi mo pa kailanman minahal ang Diyos nang tunay na pagmamahal na mula sa puso mo, ang paniniwala mo sa Diyos ay walang saysay; kung, sa iyong paniniwala sa Diyos, ay hindi mo mahal ang Diyos, nabubuhay ka nang walang kabuluhan, at ang buong buhay mo ang pinakamababa sa lahat ng buhay. Kung, sa buong buhay mo, hindi mo pa kailanman inibig o binigyang-kasiyahan ang Diyos, ano ang saysay ng iyong pamumuhay? At ano ang saysay ng iyong paniniwala sa Diyos? Hindi ba iyon pag-aaksaya lang ng pagsisikap? Na ang ibig sabihin, kung maniniwala at iibigin ng mga tao ang Diyos, dapat silang magbayad ng halaga. Sa halip na subukang kumilos sa isang paraan sa panlabas, dapat silang maghanap ng tunay na kabatiran sa kaibuturan ng kanilang mga puso. Kung masigasig ka sa pag-awit at pagsayaw, ngunit hindi kayang isagawa ang katotohanan, masasabi bang iniibig mo ang Diyos? Ang pag-ibig sa Diyos ay nangangailangan ng paghahanap sa kalooban ng Diyos sa lahat ng bagay, at na malalim kang magsiyasat kapag may anumang nangyayari sa iyo, sinusubukang maunawaan ang kalooban ng Diyos, at sinusubukang makita kung ano ang kalooban ng Diyos sa bagay na ito, kung ano ang nais Niyang makamit mo, at kung paano mo dapat isaisip ang Kanyang kalooban. Halimbawa: May nangyari na kinakailangan kang magtiis ng hirap, kung kailan dapat mong maunawaan kung ano ang kalooban ng Diyos at kung paano mo dapat isaisip ang Kanyang kalooban. Hindi mo dapat bigyang-kasiyahan ang iyong sarili: Isantabi mo muna ang iyong sarili. Wala nang mas kasuklam-suklam pa kaysa sa laman. Kailangan mong sikapin na mabigyan-kasiyahan ang Diyos, at dapat mong tuparin ang iyong tungkulin. Dahil sa gayong mga kaisipan, dadalhan ka ng Diyos ng natatanging kaliwanagan sa bagay na ito, at makakahanap din ng kaginhawahan ang puso mo.

Hinango mula sa “Ang Pagmamahal Lamang sa Diyos ang Tunay na Pananampalataya sa Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang “pag-ibig,” ayon sa tawag dito, ay tumutukoy sa isang damdaming

dalisay at walang dungis, kung saan ginagamit mo ang iyong puso upang magmahal, makaramdam, at maging maalalahanin. Sa pag-ibig walang mga kondisyon, walang mga balakid, at walang agwat. Sa pag-ibig walang paghihinala, walang pandaraya, at walang katusuhan. Sa pag-ibig walang kalakalan at walang karumihan. Kung nagmamahal ka, hindi ka manlilinlang, magrereklamo, magkakanulo, maghihimagsik, mangunguha, o hihiling na tumanggap ng anumang bagay o magtamo ng magkano mang halaga. Kung nagmamahal ka, malugod mong itatalaga ang iyong sarili, malugod na magtitiis ng paghihirap, magiging kasundo ka sa Akin, tatalikuran mo ang lahat ng iyo para sa Akin, isusuko mo ang iyong pamilya, ang iyong hinaharap, ang iyong kabataan, at ang iyong pag-aasawa. Kung hindi, ang iyong pag-ibig ay hindi talagang pag-ibig, bagkus ay panlilinlang at pagkakanulo! Anong uri ng pag-ibig ang sa iyo? Ito ba ay tunay na pag-ibig? O huwad? Gaano ba ang iyong naisuko? Gaano ba ang iyong naisakripisyo? Gaano ba ang pag-ibig na natanggap Ko mula sa iyo? Alam mo ba? Ang inyong puso ay puno ng kasamaan, pagkakanulo, at panlilinlang—at yamang ganoon, gaano sa pag-ibig ninyo ang marumi? Iniisip ninyong sapat na ang naisuko ninyo para sa Akin; iniisip ninyong ang inyong pagmamahal para sa Akin ay sapat na. Ngunit kung ganoon, bakit ang mga salita at kilos ninyo ay lagi pa ring mapanghimagsik at mapanlinlang? Sumusunod kayo sa Akin, datapuwa't hindi ninyo kinikilala ang Aking salita. Itinuturing ba itong pag-ibig? Sumusunod kayo sa Akin, ngunit isinasantabi naman Ako. Itinuturing ba itong pag-ibig? Sumusunod kayo sa Akin, ngunit hindi kayo nagtitiwala sa Akin. Itinuturing ba itong pag-ibig? Sumusunod kayo sa Akin, ngunit hindi ninyo tinatanggap ang Aking pag-iral. Itinuturing ba itong pag-ibig? Sumusunod kayo sa Akin, ngunit hindi ninyo Ako itinuturing nang angkop sa kung sino Ako, at pinahihirapan Ako sa bawat banda. Itinuturing ba itong pag-ibig? Sumusunod kayo sa Akin, ngunit sinusubukan ninyo Akong lokohin at nililinlang Ako sa bawat pagkakataon. Itinuturing ba itong pag-ibig? Naglilingkod kayo sa Akin, ngunit hindi kayo takot sa Akin. Itinuturing ba itong pag-ibig? Tinututulan ninyo Ako sa lahat ng paraan at sa lahat ng bagay. Itinuturing ba ang lahat

ng ito bilang pag-ibig? Totoo, malaki na ang naisakripisyo ninyo, gayon pa man ay hindi ninyo kailanman isinagawa kung ano ang kinakailangan Ko sa inyo. Maituturing ba itong pag-ibig? Ipinapakita ng maingat na pagninilay-nilay na wala kahit katiting na pahiwatig ng pag-ibig para sa Akin sa loob ninyo. Pagkatapos ng napakaraming taon ng gawain at sa dami ng mga salitang naitustos Ko, gaano ba karami ang tunay ninyong natamo? Hindi ba ito karapat-dapat sa isang maingat na pagbabalik-tanaw?

Hinango mula sa “Marami ang Tinatawag, Datapuwa’t Kakaunti ang Nahihirang” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ano na ang nakamit ng tao mula nang una siyang maniwala sa Diyos? Ano na ang nalalaman mo tungkol sa Diyos? Gaano na kalaki ang ipinagbago mo dahil sa paniniwala mo sa Diyos? Ngayon, alam na ninyong lahat na ang paniniwala ng tao sa Diyos ay hindi lamang para sa kaligtasan ng kaluluwa at kapakanan ng laman, ni hindi ito upang pagyamanin ang kanyang buhay sa pamamagitan ng pagmamahal sa Diyos, at iba pa. Sa ngayon, kung mahal mo ang Diyos alang-alang sa kapakanan ng laman o panandaliang kasiyahan, kahit sa bandang huli ay umabot sa sukdulan ang pagmamahal mo sa Diyos at wala ka nang hinihiling pa, hindi pa rin puro ang pagmamahal na ito na hinahangad mo at hindi kalugud-lugod sa Diyos. Ang mga gumagamit ng pagmamahal sa Diyos upang pagyamanin ang nakababagot nilang buhay at punan ang kahungkagan sa kanilang puso ay ang uri ng mga tao na nagnanasa sa madaling buhay, hindi sila tunay na naghahangad na mahalin ang Diyos. Ang ganitong uri ng pagmamahal ay sapilitan, ito ay paghahangad ng kasiyahang pangkaisipan, at hindi ito kailangan ng Diyos. Kung gayon, anong klase ang pagmamahal mo? Para saan ang pagmamahal mo sa Diyos? Gaano kalaki ang tunay na pagmamahal sa Diyos na nasa iyong kalooban ngayon? Ang pagmamahal ng karamihan sa inyo ay katulad ng nabanggit. Mapapanatili lamang ng gayong pagmamahal ang kasalukuyang estado ng mga bagay-bagay; hindi nito makakamit ang kawalan ng pagbabago, ni hindi ito mag-uugat sa tao. Ang ganitong klaseng pagmamahal ay katulad

lamang ng isang bulaklak na namumukadkad at nalalanta nang hindi namumunga. Sa madaling salita, matapos mong mahaling minsan ang Diyos sa gayong paraan, kung walang sinumang aakay sa iyo sa landas sa unahan, malulugmok ka. Kung kaya mo lamang mahalin ang Diyos sa oras ng pagmamahal sa Diyos ngunit pagkatapos ay hindi pa rin nagbabago ang iyong disposisyon ng buhay, hindi ka pa rin makakatakas sa pagkabalot sa impluwensya ng kadiliman, hindi ka pa rin makakalaya mula sa mga gapos ni Satanas at sa pandaraya nito. Walang sinumang tulad nito ang ganap na makakamit ng Diyos; sa huli, pag-aari pa rin ni Satanas ang kanilang espiritu, kaluluwa, at katawan. Walang alinlangan iyan. Lahat ng hindi ganap na makakamit ng Diyos ay babalik sa kanilang orihinal na lugar, ibig sabihin, babalik sila kay Satanas, at bababa sa lawa ng apoy at asupre upang tanggapin ang susunod na hakbang ng kaparusahan mula sa Diyos. Yaong mga nakamit ng Diyos ay yaong mga tinatalikdan si Satanas at tumatakas mula sa sakop nito. Sila ay opisyal na kabilang sa mga tao ng kaharian. Ganito ang kinahihinatnan ng mga tao ng kaharian. Handa ka bang maging ganitong klaseng tao? Handa ka bang makamit ng Diyos? Handa ka bang tumakas mula sa sakop ni Satanas at bumalik sa Diyos? Pag-aari ka na ba ngayon ni Satanas o kabilang ka sa mga tao ng kaharian?

Hinango mula sa “Ang Pananaw na Dapat Panghawakan ng mga Mananampalataya” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang tao ay nabubuhay sa ilalim ng pagkakabalot ng impluwensya ng kadiliman, nakagapos sa impluwensya ni Satanas nang hindi makakatakas. At ang disposisyon niya, pagkatapos itong maproseso ni Satanas, ay nagiging lalo at lalo pang tiwali. Maaaring masabi na ang tao ay noon pa namumuhay kasama ang kanyang tiwali at malasatanas na disposisyon, at walang kakayahang tunay na ibigin ang Diyos. Yamang ganito, kung nais ng tao na ibigin ang Diyos, kailangan niyang matanggalan ng kanyang pagmamagaling, labis na pagpapahalaga sa sarili, pagmamataas, kapalaluan, at iba pang gaya nito—lahat ng mula sa disposisyon ni

Satanas. Kung hindi, ang pag-ibig ng tao ay isang hindi dalisay na pag-ibig, isang pag-ibig kay Satanas, at isa na siguradong hindi makakatanggap ng pagsang-ayon ng Diyos. Kung hindi direktang ginagawang perpekto, pinakikitunguhan, binabasag, tinatabas, dinidisiplina, itinutuwid, at pinipino ng Banal na Espiritu, walang sinuman ang tunay na nakakaibig sa Diyos.

Hinango mula sa "Ang Tiwaling Tao ay Walang Kakayahang Kumatawan sa Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang landas ng paniniwala sa Diyos ay walang pinag-iba sa landas ng pag-ibig sa Kanya. Kung naniniwala ka sa Kanya kailangan mo Siyang ibigin; subalit, ang pag-ibig sa Kanya ay hindi lamang tumutukoy sa pagsukli sa Kanyang pag-ibig o pag-ibig sa Kanya batay sa mga damdamin ng iyong konsensya—ito ay isang dalisay na pag-ibig para sa Diyos. Minsan, hindi nararamdaman ng mga tao ang pagmamahal ng Diyos batay sa kanilang konsensya lamang. Bakit ba palagi Kong sinabing: "Nawa'y antigin ng Espiritu ng Diyos ang ating mga espiritu"? Bakit hindi Ko binanggit ang pag-antig ng konsensya ng mga tao upang ibigin ang Diyos? Ito ay dahil hindi nadarama ng konsensya ng mga tao ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos. Kung ikaw ay hindi nakumbinsi ng mga salitang ito, subukan mong gamitin ang iyong konsensya upang damhin ang Kanyang pag-ibig. Maaaring bahagyang pursigido ka sa ngayon, ngunit maglalaho rin iyan agad. Kung nadarama mo lang ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos sa iyong konsensiya, magiging pursigido ka habang ikaw ay nananalangin, ngunit pagkatapos noon ay agad itong lilipas at maglalaho. Bakit ganoon? Kung ang ginagamit mo lamang ay ang iyong konsensya, hindi mo mapupukaw ang iyong pag-ibig para sa Diyos; kapag talagang nadarama mo ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos sa iyong puso, ang iyong espiritu ay aantigin Niya, at sa gayong pagkakataon lamang magagampanan ng iyong konsensya ang orihinal nitong papel. Na ang ibig sabihin, kapag inaantig ng Diyos ang espiritu ng tao at kapag may kaalaman ang tao at nahimok sa kanyang puso, iyon ay, kapag nagkamit na siya ng karanasan, saka lamang niya magagawang mabisang ibigin ang Diyos gamit ang kanyang

konsensya. Ang pag-ibig sa Diyos gamit ang iyong konsensya ay hindi mali—ito ang pinakamababang antas ng pag-ibig sa Diyos. Ang pag-ibig sa pamamagitan ng “bahagyang pagbibigay lang ng hustisya sa biyaya ng Diyos” ay hindi talaga magtutulak sa taong masigasig na pumasok. Kapag natatamo ng mga tao ang kaunting gawain ng Banal na Espiritu, iyon ay, kapag nakikita at nararamdaman nila ang pag-ibig ng Diyos sa kanilang praktikal na karanasan, kapag mayroon silang kaunting kaalaman tungkol sa Diyos at tunay na nakikita na ang Diyos ay napakakarapat-dapat sa pag-ibig ng sangkatauhan at kung gaano Siya kaibig-ibig, saka lamang nila nagagawang ibigin nang tunay ang Diyos.

Kapag kinakausap ng mga tao ang Diyos gamit ang kanilang mga puso, kapag nagagawa ng kanilang mga puso na ganap na bumaling sa Kanya, ito ang unang hakbang sa pag-ibig ng tao para sa Diyos. Kung nais mong ibigin ang Diyos, kailangan mo munang magawang ibaling ang iyong puso sa Kanya. Ano ang pagbaling ng iyong puso sa Diyos? Ito ay kapag ang lahat ng iyong hinahangad sa iyong puso ay para sa kapakanan ng pag-ibig at pagkakamit sa Diyos. Ipinakikita nito na ganap mo nang naibaling ang iyong puso sa Diyos. Maliban sa Diyos at sa Kanyang mga salita, halos wala nang ibang nasa iyong puso (pamilya, kayamanan, asawang lalaki, asawang babae, mga anak, atbp.). Kung mayroon man, hindi makakapanahan ang gayong mga bagay sa iyong puso, at hindi mo iniisip ang mga inaasahan mo sa iyong hinaharap kundi hinahangad lamang ang pag-ibig sa Diyos. Sa gayong pagkakataon ay naibaling mo na nang ganap ang iyong puso sa Diyos. Ipagpalagay mong gumagawa ka pa rin ng mga plano para sa iyong sarili sa iyong puso at palaging hinahangad ang pansariling pakinabang, palaging iniisip: “Kailan kaya ako makagagawa ng munting kahilingan sa Diyos? Kailan kaya yayaman ang aking pamilya? Paano kaya ako makakakuha ng ilang magagandang damit? …” Kung ikaw ay nabubuhay sa gayong kalagayan, ipinakikita nito na ang iyong puso ay hindi pa ganap na nakabaling sa Diyos. Kung taglay mo lamang ang mga salita ng Diyos sa iyong puso at nagagawa mong manalangin sa Diyos at maging malapit sa Kanya sa lahat ng

pagkakataon—na parang napakalapit Niya sa iyo, na parang ang Diyos ay nasa loob mo at ikaw ay nasa loob Niya—kung ikaw ay nasa gayong uri kalagayan, nangangahulugan ito na ang iyong puso ay nasa presensya na ng Diyos. Kung ikaw ay nananalangin sa Diyos at kinakain at iniinom mo ang Kanyang mga salita araw-araw, palaging iniisip ang gawain ng iglesia, at kung nagpapakita ka ng pagsasaalang-alang sa kalooban ng Diyos, ginagamit ang iyong puso upang ibigin Siya nang tunay at bigyang-kaluguran ang Kanyang puso, ang iyong puso ay magiging pag-aari ng Diyos. Kung ang iyong puso ay pinananahanan ng maraming ibang bagay, ito ay pinananahanan pa rin ni Satanas at ito ay hindi pa tunay na nakabaling sa Diyos. Kapag ang puso ng isang tao ay tunay na nakabaling na sa Diyos, magkakaroon sila ng tunay at kusang pag-ibig sa Kanya at magagawang isaalang-alang ang gawain ng Diyos. Bagama't maaari pa rin silang magkaroon ng mga sandali ng kahangalan at kawalan ng katwiran, nagpapakita sila ng pagsasaalang-alang sa kapakanan ng bahay ng Diyos, sa Kanyang gawain, at sa sarili nilang pagbabago ng disposisyon, at malinis ang intensyon nila.

Hinango mula sa "Ang Tunay na Pag-ibig sa Diyos ay Kusa" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa bawat hakbang ng gawaing ginagawa ng Diyos sa gitna ng mga tao, sa panlabas ay mukha itong pag-uugnayan sa pagitan ng mga tao, na para bang mula sa pagsasaayos ng tao, o mula sa panghihimasok ng tao. Ngunit sa likod ng mga eksena, ang bawat hakbang ng gawain, at lahat ng nangyayari, ay isang pustahan na ginawa ni Satanas sa harap ng Diyos, at nangangailangan sa mga tao na manindigan sa kanilang patotoo sa Diyos. Gaya nang si Job ay sinubukan, halimbawa: Sa likod ng mga eksena, nakikipagpustahan si Satanas sa Diyos, at ang nangyari kay Job ay mga gawa ng tao, at panghihimasok ng mga tao. Sa likod ng bawat hakbang ng gawaing ginagawa ng Diyos sa inyo ay ang pakikipagpustahan ni Satanas sa Diyos—sa likod ng lahat ng ito ay isang labanan. Halimbawa, kung ikaw ay may pagkiling tungo sa iyong mga kapatid, magkakaroon ka ng mga

salita na nais mong sabihin—mga salita na sa pakiramdam mo ay maaaring hindi ikatuwa ng Diyos—ngunit kung hindi mo sasabihin ang mga ito, makararamdam ka ng paghihirap sa kalooban mo, at sa sandaling ito, magsisimula ang isang paglalaban sa kalooban mo: “Magsasalita ba ako o hindi?” Ito ang paglalaban. Kaya, sa lahat ng bagay na makatagpo mo ay may labanan, at kapag may labanan sa iyong kalooban, dahil sa iyong aktwal na kooperasyon at aktwal na pagdurusa, gumagawa ang Diyos sa iyong kalooban. Sa huli, nagagawa mong isantabi sa kalooban mo ang pangyayari at ang galit ay likas na nawawala. Ganito ang epekto ng iyong pakikipagtulungan sa Diyos. Kailangan ng mga taong magbayad ng isang tiyak na halaga sa kanilang mga pagsisikap sa lahat ng kanilang ginagawa. Kung walang aktwal na paghihirap, hindi nila mabibigyang-kasiyahan ang Diyos, hindi man lamang sila kalapitan sa pagbibigay-kasiyahan sa Diyos, at nagbubuga lamang sila ng mga hungkag na kasabihan! Mabibigyang-kasiyahan ba ng mga hungkag na kasabihang ito ang Diyos? Kapag naglalaban sa espirituwal na dako ang Diyos at si Satanas, paano mo dapat bigyang-kasiyahan ang Diyos, at paano ka dapat manindigan sa iyong patotoo sa Kanya? Dapat mong malaman na ang lahat ng nangyayari sa iyo ay isang malaking pagsubok at ang oras na kailangan ka ng Diyos na magpatotoo. Bagama’t maaaring hindi mukhang mahalaga ang mga ito sa panlabas, kapag nangyayari ang mga bagay na ito, ipinakikita ng mga ito kung mahal mo ba o hindi ang Diyos. Kung mahal mo, makakapanindigan ka sa iyong patotoo sa Kanya, at kung hindi mo naisagawa ang pag-ibig sa Kanya, ipinapakita nito na ikaw ay hindi isang taong nagsasagawa ng katotohanan, na ikaw ay walang katotohanan, at walang buhay, na ikaw ay ipa! Ang lahat ng bagay na nangyayari sa mga tao ay nangyayari kapag kailangan sila ng Diyos na manindigan sa kanilang pagpapatotoo sa Kanya. Bagama’t walang malaking nangyayari sa iyo sa sandaling ito at hindi ka lubos na nagpapatotoo, ang bawat detalye ng iyong pang-araw-araw na buhay ay isang patotoo sa Diyos. Kung makakamit mo ang paghanga ng iyong mga kapatid, mga miyembro ng iyong pamilya, at lahat ng tao sa iyong paligid; kung, isang araw,

dumating ang mga hindi mananampalataya, at humanga sa lahat ng iyong ginagawa, at makitang ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay kahanga-hanga, nakapagpatotoo ka na. Kahit wala kang kabatiran at mababa ang iyong kakayahan, sa pamamagitan ng pagperpekto sa iyo ng Diyos, nagagawa mong bigyan Siya ng kasiyahan at isaisip ang Kanyang kalooban, na ipinapakita sa iba ang dakilang gawaing nagawa Niya sa mga tao na may pinakamababang kakayahan. Kapag nakikilala ng mga tao ang Diyos at nagiging mga mananagumpay sila sa harap ni Satanas, na lubhang matapat sa Diyos, wala nang iba pang mas may lakas kaysa sa grupong ito ng mga tao, at ito ang pinakadakilang patotoo. Bagama't hindi mo kayang gumawa ng dakilang gawain, kaya mong bigyang-kasiyahan ang Diyos. Hindi maisantabi ng iba ang kanilang mga kuro-kuro, ngunit kaya mo; hindi kaya ng iba na magpatotoo sa Diyos sa panahon ng kanilang aktwal na mga karanasan, ngunit nagagamit mo ang iyong aktwal na katayuan at mga pagkilos upang suklian ang pagmamahal ng Diyos at magbigay ng maugong na patotoo sa Kanya. Ito lamang ang mabibilang na aktwal na pagmamahal sa Diyos.

Hinango mula sa "Ang Pagmamahal Lamang sa Diyos ang Tunay na Pananampalataya sa Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Gaano mo kamahal ang Diyos sa ngayon? At gaano ang iyong nalalaman tungkol sa lahat ng nagawa ng Diyos sa iyo? Ito ang mga bagay na dapat mong matutuhan. Kapag dumarating ang Diyos sa lupa, lahat ng Kanyang nagawa sa tao at itinulot na makita ng tao ay upang mahalin Siya ng tao at makilala Siya nang tunay. Na nagagawa ng tao na magdusa para sa Diyos at nagawang makarating nang ganito kalayo ay, sa isang banda, dahil sa pag-ibig ng Diyos, at sa isa pang banda, dahil sa pagliligtas ng Diyos; higit pa rito, dahil din ito sa paghatol at gawain ng pagkastigo na naisagawa ng Diyos sa tao. Kung kayo ay walang paghatol, pagkastigo, at mga pagsubok ng Diyos, at kung hindi pa kayo pinagdusa ng Diyos, sa totoo lamang, hindi ninyo tunay na minamahal ang Diyos. Habang mas lumalaki ang gawain ng Diyos sa tao, at habang mas tumitindi ang

pagdurusa ng tao, mas maliwanag kung gaano kamakabuluhan ang gawain ng Diyos, at na mas nagagawa ng puso ng tao na tunay na mahalin ang Diyos. Paano mo natututuhan kung paano mahalin ang Diyos? Kung walang paghihirap at pagpipino, kung walang masasakit na pagsubok—at kung, bukod pa roon, ang tanging ibinigay ng Diyos sa tao ay biyaya, pag-ibig, at awa—magagawa mo ba talagang tunay na mahalin ang Diyos? Sa isang banda, sa panahon ng mga pagsubok ng Diyos nalalaman ng tao ang kanyang mga kakulangan at nakikita na siya ay walang kabuluhan, kasuklam-suklam, at mababa, na siya ay walang anuman, at walang halaga; sa kabilang dako, sa panahon ng Kanyang mga pagsubok gumagawa ang Diyos ng iba't ibang sitwasyon para sa tao kaya mas nararanasan ng tao ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos. Bagama't ang pagdurusa ay matindi, at kung minsan ay hindi makayanan—hanggang sa antas ng nakapanlulumong pagdadalamhati—sa pagdanas nito, nakikita ng tao kung gaano kaibig-ibig ang gawain ng Diyos sa kanya, at sa pundasyong ito lamang nagkakaroon ang tao ng tunay na pagmamahal sa Diyos. Nakikita ngayon ng tao na kung may biyaya, pag-ibig, at awa lamang ng Diyos, wala siyang kakayahan na tunay na makilala ang sarili niya, at lalong hindi niya kayang malaman ang diwa ng tao. Sa pamamagitan lamang kapwa ng pagpipino at paghatol ng Diyos, at sa proseso ng pagpipino mismo, maaaring malaman ng tao ang kanyang mga kakulangan, at malaman na wala siyang anuman. Kaya, ang pagmamahal ng tao sa Diyos ay itinayo sa pundasyon ng pagpipino at paghatol ng Diyos.

Hinango mula sa "Sa Pagdanas Lamang ng Masasakit na Pagsubok Mo Malalaman ang Pagiging Kaibig-ibig ng Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa ngayon, karamihan sa mga tao ay walang gayong kaalaman. Naniniwala sila na ang pagdurusa ay walang halaga, tinatalikuran sila ng mundo, puro problema ang buhay nila sa tahanan, hindi sila minamahal ng Diyos, at wala silang masyadong maaasahan. Ang pagdurusa ng ilang tao ay umaabot sa isang sukdulan, at ang kanilang mga iniisip ay nagiging

tungkol sa kamatayan. Hindi ito tunay na pagmamahal sa Diyos; ang gayong mga tao ay mga duwag, wala silang pagtitiyaga, sila ay mahihina at walang lakas! Nasasabik ang Diyos na mahalin Siya ng tao, ngunit kapag lalo Siyang minamahal ng tao, lalong tumitindi ang pagdurusa ng tao, at kapag lalo Siyang minamahal ng tao, lalong tumitindi ang mga pagsubok ng tao. Kung minamahal mo Siya, lahat ng uri ng pagdurusa ay sasapit sa iyo—at kung hindi naman, marahil ay magiging maayos ang lahat para sa iyo at lahat ay magiging payapa sa paligid mo. Kapag minamahal mo ang Diyos, madarama mo na marami sa paligid mo ang hindi mo makakayanan, at dahil ang iyong tayog ay napakaliit ikaw ay pipinuhin; bukod dito, wala kang kakayahang mapalugod ang Diyos, at lagi mong madarama na napakatayog ng kalooban ng Diyos, na hindi ito kayang abutin ng tao. Dahil sa lahat ng ito ikaw ay pipinuhin—dahil maraming kahinaan sa iyong kalooban, at marami ang walang kakayahang mapalugod ang kalooban ng Diyos, pipinuhin ang iyong kalooban. Ngunit kailangan ninyong makita nang malinaw na ang pagdadalisay ay natatamo lamang sa pamamagitan ng pagpipino. Kaya, sa mga huling araw na ito ay kailangan ninyong magpatotoo sa Diyos. Gaano man kalaki ang inyong pagdurusa, dapat kayong magpatuloy hanggang sa kahuli-hulihan, at maging sa inyong huling hininga, kailangan pa rin kayong maging tapat sa Diyos at magpasakop sa pagsasaayos ng Diyos; ito lamang ang tunay na pagmamahal sa Diyos, at ito lamang ang malakas at matunog na patotoo. Kapag ikaw ay tinutukso ni Satanas, dapat mong sabihin: “Ang aking puso ay pag-aari ng Diyos, at nakamit na ako ng Diyos. Hindi kita mapapalugod—kailangan kong ilaan ang lahat ng kaya ko sa pagpapalugod sa Diyos.” Kapag lalo mong pinalulugod ang Diyos, lalo kang pagpapalain ng Diyos, at lalong lalaki ang pagmamahal mo sa Diyos; kaya, gayundin, magkakaroon ka ng pananampalataya at paninindigan, at madarama mo na walang mas mahalaga o makabuluhan kaysa sa isang buhay na ginugol sa pagmamahal sa Diyos. Masasabi na kung mahal ng tao ang Diyos, hindi siya malulungkot. Bagama’t may mga pagkakataon na nanghihina ang iyong laman at naliligiran ka ng maraming totoong

kaguluhan, sa mga panahong ito tunay kang aasa sa Diyos, at sa kalooban ng iyong espiritu ikaw ay aaliwin, at madarama mo ang katiyakan, at na mayroon kang isang bagay na maaasahan. Sa ganitong paraan, madaraig mo ang maraming sitwasyon, kaya nga hindi ka na magrereklamo tungkol sa Diyos dahil sa dalamhating dinaranas mo; nanaisin mong umawit, sumayaw, at manalangin, makipagtipon at makipagniig, isipin ang Diyos, at madarama mo na lahat ng tao, usapin, at bagay sa paligid mo na isinaayos ng Diyos ay angkop.

Hinango mula sa "Sa Pagdanas Lamang ng Masasakit na Pagsubok Mo Malalaman ang Pagiging Kaibig-ibig ng Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa panahon ng mapait na pagpipino madaling nahuhulog ang tao sa ilalim ng impluwensiya ni Satanas, kaya paano mo dapat ibigin ang Diyos sa panahon ng gayong pagpipino? Dapat mong tipunin ang iyong kalooban, ialay ang iyong puso sa harap ng Diyos at ilaan ang iyong huling sandali sa Kanya. Paano ka man pinipino ng Diyos, dapat mong maisagawa ang katotohanan upang palugurin ang kalooban ng Diyos, at dapat kang magkusa sa sarili mo na hanapin ang Diyos at hangaring makipagniig. Sa mga panahong kagaya nito, habang lalo kang walang kibo, lalo kang magiging mas negatibo at magiging mas madali para sa iyo na umurong. Kapag kinakailangan mo na gawin ang iyong tungkulin, bagama't hindi mo ito nagagawa nang maayos, gawin mo ang lahat ng iyong makakaya, at gawin ito gamit lamang ang walang iba kundi ang iyong pag-ibig sa Diyos; anuman ang sinasabi ng iba—sinasabi man nilang mahusay ang nagawa mo, o na hindi maganda ang nagawa mo—ang iyong mga intensyon ay tama, at hindi ka mapagmagaling, sapagka't ikaw ay kumikilos sa ngalan ng Diyos. Kapag mali ang pakahulugan sa iyo ng iba, nagagawa mong manalangin sa Diyos at sinasabi: "O Diyos! Hindi ko hinihiling na pagtiisan ako ng iba o tratuhin ako nang maayos, ni maintindihan o sang-ayunan nila ako. Hinihiling ko lamang na magawa kong ibigin Ka sa puso ko, na mapalagay ako sa aking puso, at na maging malinis ang aking konsiyensya. Hindi ko hinihiling na purihin ako ng iba, o

tingalain ako; hinahangad ko lamang na mapalugod Ka mula sa aking puso; ginagawa ko ang aking tungkulin sa abot ng aking makakaya, at bagaman ako ay hangal, mangmang, may mahinang kakayahan at bulag, nalalaman ko na Ikaw ay kaibig-ibig, at nakahanda akong ilaan ang lahat ng mayroon ako sa Iyo." Sa sandaling manalangin ka sa ganitong paraan, ang iyong pag-ibig para sa Diyos ay lilitaw, at mas lalong giginhawa ang iyong pakiramdam sa puso mo. Ito ang kahulugan ng pagsasagawa sa pag-ibig sa Diyos.

Hinango mula sa "Sa Pamamagitan Lamang ng Pagdanas ng Pagpipino Maaaring Magtaglay ang Tao ng Tunay na Pag-ibig" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Paano dapat ibigin ng tao ang Diyos sa panahon ng pagpipino? Sa pamamagitan ng kapasiyahan na ibigin ang Diyos upang tanggapin ang Kanyang pagpipino: Sa panahon ng pagpipino ikaw ay nagdurusa sa loob, na para bang isang kutsilyo ang pinipilipit sa iyong puso, nguni't nakahanda kang mapalugod ang Diyos gamit ang iyong puso, na umiibig sa Kanya, at ayaw mong intindihin ang laman. Ito ang kahulugan ng pagsasagawa sa pag-ibig sa Diyos. Nasasaktan ka sa loob, at ang iyong pagdurusa ay nakarating na sa isang partikular na punto, nguni't nakahanda ka pa ring lumapit sa harap ng Diyos at manalangin, na sinasabi: "O Diyos! Hindi kita maaaring iwan. Bagama't mayroong kadiliman sa loob ko, nais kong mapalugod Ka; kilala Mo ang aking puso, at hinihiling ko na mamuhunan Ka ng mas marami Mong pag-ibig sa loob ko." Ito ang pagsasagawa sa panahon ng pagpipino. Kung gagamitin mo ang pag-ibig sa Diyos bilang saligan, maaari kang mas mailapit ng pagpipino sa Diyos at gagawin kang mas matalik sa Diyos. Yamang naniniwala ka sa Diyos, dapat mong isuko ang iyong puso sa harap ng Diyos. Kung ihahandog at ilalatag mo ang iyong puso sa harap ng Diyos, sa panahon ng pagpipino ay magiging imposible para sa iyo na ikaila ang Diyos, o iwan ang Diyos. Sa ganitong paraan ang iyong relasyon sa Diyos ay magiging lalong mas malapit, at lalong mas normal, at ang iyong pakikipagniig sa Diyos ay magiging lalong mas madalas. Kung palagi kang nagsasagawa sa ganitong paraan,

gugugol ka ng mas maraming panahon sa liwanag ng Diyos, at ng mas maraming panahon sa ilalim ng patnubay ng Kanyang mga salita. Magkakaroon din ng higit pang mas maraming pagbabago sa iyong disposisyon, at ang iyong kaalaman ay madaragdagan araw-araw. Kapag dumating ang araw na ang mga pagsubok ng Diyos ay biglang sumapit sa iyo, hindi ka lamang makapaninindigan sa panig ng Diyos, nguni't magagawa mo ring magpatotoo sa Diyos. Sa panahong iyon, ikaw ay magiging kagaya ni Job, at ni Pedro. Sa pagpapatotoo sa Diyos iibigin mo Siya nang tunay, at iaalay nang may kagalakan ang iyong buhay para sa Kanya; ikaw ay magiging saksi ng Diyos, at magiging pinakaiibig ng Diyos. Ang pag-ibig na nakaranas na ng pagpipino ay matatag, hindi mahina. Kailan man o paano ka man isinasailalim ng Diyos sa Kanyang mga pagsubok, nagagawa mong ilatag ang iyong mga pag-aalala tungkol sa kung mabubuhay o mamamatay ka, isantabi ang lahat nang may kagalakan para sa Diyos, at masayang tiisin ang anuman para sa Diyos—at kaya ang iyong pag-ibig ay magiging dalisay, at ang iyong pananampalataya ay magiging totoo. Sa gayon ka lamang magiging isang tunay na iniibig ng Diyos, at isang tunay na nagawang perpekto na ng Diyos.

Hinango mula sa "Sa Pamamagitan Lamang ng Pagdanas ng Pagpipino Maaaring Magtaglay ang Tao ng Tunay na Pag-ibig" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Noong siya ay nabubuhay pa, si Pedro ay dumanas ng pagpipino nang daan-daang beses at sumailalim sa maraming masasakit na pagsubok. Ang pagpipinong ito ang naging saligan ng kanyang kataas-taasang pag-ibig sa Diyos, at ang naging pinakamakabuluhang karanasan sa kanyang buong buhay. Na nagawa niyang taglayin ang isang kataas-taasang pag-ibig sa Diyos ay, sa isang banda, dahil sa kanyang kapasiyahan na ibigin ang Diyos; higit na mas mahalaga, gayunpaman, ito ay dahil sa pagpipino at pagdurusa na kanyang pinagdaanan. Ang pagdurusang ito ay ang kanyang naging gabay sa landas ng pag-ibig sa Diyos, at ang naging pinaka-di-malilimutang bagay sa kanya. Kung hindi pagdadaanan ng mga

tao ang kirot ng pagpipino sa pag-ibig sa Diyos, ang kanilang pag-ibig ay puno ng karumihan at ng kanilang sariling mga kagustuhan; ang pag-ibig na kagaya nito ay puno ng mga ideya ni Satanas, at talagang walang kakayahan sa pagpapalugod sa kalooban ng Diyos. Ang pagkakaroon ng kapasiyahan na ibigin ang Diyos ay hindi kagaya ng tunay na pag-ibig sa Diyos. Bagama't lahat ng kanilang iniisip sa kanilang mga puso ay alang-alang sa pag-ibig at pagpapalugod sa Diyos, at kahit na para bang ang kanilang mga saloobin ay nakalaan lahat sa Diyos at wala ni anumang mga ideya ng tao, kapag ang kanilang mga saloobin ay dinala sa harap ng Diyos, hindi Niya pinupuri o binabasbasan ang gayong mga saloobin. Kahit ganap nang naunawaan ng mga tao ang lahat ng mga katotohanan—kapag nakikilala na nila ang lahat ng mga ito—hindi masasabi na ito ay isang tanda ng pag-ibig sa Diyos, hindi masasabi na tunay na iniibig ng mga taong ito ang Diyos. Sa kabila ng pagkaunawa sa maraming katotohanan nang hindi sumasailalim sa pagpipino, walang kakayahan ang mga tao na isagawa ang mga katotohanang ito; tanging sa panahon ng pagpipino mauunawaan ng mga tao ang tunay na kahulugan ng mga katotohanang ito, sa gayon lamang tunay na mapahahalagahan ng mga tao ang kanilang lihim na kahulugan. Sa panahong iyon, kapag muli nilang sinubukan, maisasagawa nila nang maayos ang mga katotohanan, at alinsunod sa kalooban ng Diyos; sa panahong iyon, ang kanilang mga ideyang pantao ay nababawasan, ang kanilang katiwaliang pantao ay lumiliit, at ang kanilang mga damdaming pantao ay umuunti; sa panahon lamang na iyon magiging isang tunay na pagpapahayag ng pag-ibig sa Diyos ang kanilang pagsasagawa. Ang epekto ng katotohanan ng pag-ibig sa Diyos ay hindi natatamo sa pamamagitan ng binigkas na kaalaman o kaisipang nagkukusa, at ni hindi ito maaaring matamo sa pamamagitan ng pag-unawa lamang sa katotohanang iyon. Hinihingi nitong magbayad ang mga tao, na sila ay sumailalim sa maraming kapaitan sa panahon ng pagpipino, at sa gayon lamang magiging dalisay ang kanilang pag-ibig at nakaayon sa puso ng Diyos. Sa Kanyang hinihingi na ibigin Siya ng tao, hindi hinihiling ng Diyos na ibigin Siya ng tao gamit ang silakbo ng

damdamin o ang sarili niyang kalooban; sa pamamagitan lamang ng katapatan at ng paggamit ng katotohanan upang paglingkuran Siya maaaring tunay na ibigin Siya ng tao.

Hinango mula sa “Sa Pamamagitan Lamang ng Pagdanas ng Pagpipino Maaaring Magtaglay ang Tao ng Tunay na Pag-ibig” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Noong malapit na siyang mamatay, matapos siyang gawing perpekto, sinabi ni Pedro, “O Diyos! Kung ako ay mabubuhay ng ilan pang mga taon, nais kong magkaroon ng mas higit na dalisay at higit na malalim na pag-ibig sa Iyo.” Noong siya ay ipapako na sa krus, nanalangin siya sa kanyang puso, “O Diyos! Ang Iyong panahon ay dumating na ngayon, ang panahong Iyong inihanda para sa akin ay dumating na. Ako ay dapat na maipako sa krus para sa Iyo, dapat akong magpatotoo nito sa Iyo, at umaasa ako na ang aking pag-ibig ay makatutugon sa Iyong mga pamantayan, at na ito ay mas higit pang magiging dalisay. Ngayon, ang mamatay para sa Iyo, at maipako sa krus para sa Iyo, ay nagbibigay kaginhawahan at katiyakan sa akin, sapagkat wala nang higit pang kasiya-siya sa akin kaysa sa mapako sa krus para sa Iyo at matugunan ang Iyong mga nais, at maibigay ang aking sarili sa Iyo, maialay ang aking buhay sa Iyo. O Diyos! Ikaw ay lubhang kaibig-ibig! Kung pahihintulutan Mo akong mabuhay, lalo pa akong magiging handang ibigin Ka. Habang ako ay nabubuhay, iibigin Kita. Nais kong ibigin Ka pa nang higit na malalim. Hinahatulan Mo ako, at kinakastigo at sinusubukan dahil ako ay hindi matuwid, dahil ako ay nagkasala. At ang Iyong matuwid na disposisyon ay nagiging higit na maliwanag sa akin. Ito ay isang pagpapala sa akin, sapagkat nagagawa kong ibigin Ka nang higit na malalim, at handa akong ibigin Ka sa ganitong paraan kahit na hindi Mo ako iniibig. Handa akong makita ang Iyong matuwid na disposisyon, sapagkat mas nagkakaroon ako ng kakayahan upang isabuhay ang isang makabuluhang buhay. Nararamdaman ko na ang pamumuhay ko ngayon ay higit na may kabuluhan, sapagkat ipinapako ako sa krus para sa Iyong kapakanan, at makabuluhan ang mamatay para sa Iyo. Gayon pa man hindi pa rin ako

nakakaramdam ng kasiyahan, sapagkat lubhang kakaunti ang nalalaman ko tungkol sa Iyo, batid ko na hindi ko ganap na matutupad ang Iyong mga nais, at kakaunti lamang ang napagbayaran ko sa Iyo. Sa aking buhay, hindi ko nakayang ibigay ang buong sarili ko sa Iyo. Malayo pa ako roon. Habang lumilingon ako sa sandaling ito, nararamdaman ko ang lubhang pagkakautang ko sa Iyo, at ang sandaling ito lamang ang mayroon ako upang makabawi sa lahat ng pagkakamali ko at lahat ng pag-ibig na hindi ko naibalik sa Iyo."

Hinango mula sa "Ang mga Karanasan ni Pedro: Ang Kanyang Kaalaman sa Pagkastigo at Paghatol" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Dapat sikapin ng tao na isabuhay ang isang makabuluhang buhay, at hindi dapat masiyahan na lamang sa kanyang kasalukuyang mga kalagayan. Upang maisabuhay ang imahe ni Pedro, dapat niyang taglayin ang kaalaman at mga karanasan ni Pedro. Dapat pagsikapan ng tao ang mga bagay na mas matatayog at mas malalalim. Dapat niyang pagsikapan ang isang mas malalim, mas dalisay na pag-ibig sa Diyos, at isang buhay na may kabuluhan at kahulugan. Ito lamang ang buhay, sa ganito lamang magiging katulad ng tao si Pedro. Dapat kang tumuon sa pagiging maagap tungo sa iyong pagpasok sa positibong panig, at huwag basta na lang hayaan ang iyong sarili sa dumausdos pabalik para sa pagkakaroon ng panandaliang ginhawa habang binabalewala ang mas malalim, mas tiyak, at mas praktikal na mga katotohanan. Ang iyong pag-ibig ay dapat maging praktikal, at dapat kang humanap ng mga paraan upang mapalaya ang iyong sarili mula sa masama at walang-inaalalang uri ng pamumuhay na walang pinagkaiba sa pamumuhay ng isang hayop. Dapat mong isabuhay ang isang buhay na may kahulugan, isang buhay na may kabuluhan at hindi mo dapat linlangin ang iyong sarili, o ituring ang iyong buhay na parang isang laruan na dapat paglaruan. Para sa bawat isa na naghahangad na ibigin ang Diyos, walang katotohanang hindi matatamo at walang katarungan na hindi nila mapaninindigan. Paano ka ba dapat mamuhay? Paano mo ba dapat ibigin ang Diyos, at gamitin ang pag-ibig na

ito para bigyang-kasiyahan ang Kanyang kagustuhan? Walang bagay na hihigit pa sa iyong buhay. Higit sa lahat, ikaw ay dapat magkaroon ng ganitong mga hangarin at pagtitiyaga, at hindi dapat maging tulad ng mga walang gulugod, mga mahihinang nilalang. Dapat mong matutunan kung paano maranasan ang isang makahulugang buhay, at maranasan ang makahulugang mga katotohanan, at hindi dapat ituring ang iyong sarili na walang sigla sa ganitong paraan. Ang iyong buhay ay lilipas nang hindi mo namamalayan. At pagkatapos, magkakaroon ka pa ba ng isa pang pagkakataon para ibigin ang Diyos? Maaari bang ibigin ng tao ang Diyos pagkatapos niyang bawian ng buhay? Dapat kang magkaroon ng mga hangarin at ng konsensya na katulad ng kay Pedro. Ang buhay mo ay dapat na maging makahulugan, at hindi mo dapat pinaglalaruan ang iyong sarili. Bilang isang tao, at bilang isang tao na naghahangad sa Diyos, dapat mong magawang maingat na isaalang-alang kung paano mo itinuturing ang iyong buhay, kung paano mo dapat ihandog ang iyong sarili sa Diyos, kung paano ka magkakaroon ng isang mas makabuluhang pananampalataya sa Diyos, at paano, dahil sa iniibig mo ang Diyos, mo Siya dapat ibigin sa paraang mas dalisay, mas mainam, at mas mabuti.

Hinango mula sa “Ang mga Karanasan ni Pedro: Ang Kanyang Kaalaman sa Pagkastigo at Paghatol” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Isang araw, kapag umabot na sa isang tiyak na punto ang iyong karanasan, kung paaalisin ka ng Diyos, hindi mo ito magagawa. Lagi mong mararamdaman na hindi mo kaya na wala ang Diyos sa iyong kalooban; makakaya mong walang asawa, o mga anak, walang pamilya, walang ina o ama, walang mga kasiyahan ng laman, ngunit hindi mo makakaya na wala ang Diyos. Ang pagiging walang Diyos ay magiging katulad ng pagkawala ng iyong buhay; hindi mo magagawang mabuhay nang walang Diyos. Kapag nakaranas ka na hanggang sa puntong ito, nakamit mo na ang inaasahang bisa ng iyong pananampalataya sa Diyos, at sa ganitong paraan, ang Diyos na ang magiging buhay mo, Siya na ang magiging pundasyon ng iyong pag-iral. Hindi mo na kailanman magagawa pang

muling iwan ang Diyos. Kapag nakaranas ka na hanggang sa saklaw na ito, tunay na nasiyahan ka na sa pag-ibig ng Diyos, at kapag may sapat nang lapit ang iyong relasyon sa Diyos, Siya na ang iyong magiging buhay, ang iyong pag-ibig, at pagsapit ng panahong iyan, mananalangin ka sa Diyos at magsasabi: “O Diyos! Hindi Kita makakayang iwan. Ikaw ang aking buhay. Makakaya kong magpatuloy nang wala ang kahit ano pa man—ngunit kung wala Ka, hindi ko makakayang patuloy na mabuhay.” Ito ang tunay na tayog ng mga tao; ito ang tunay na buhay. Napilitan ang ilang tao na makarating hanggang sa layo ng narating nila ngayon: Kailangan nilang magpatuloy naisin man nila o hindi, at lagi nilang nararamdaman na naiipit sila sa pagitan ng mga napakahirap na kalagayan. Dapat mong maranasan na ang Diyos ay ang iyong buhay, na kung ilalayo ang Diyos sa iyong puso, matutulad ito sa pagkawala ng iyong buhay; dapat maging buhay mo ang Diyos, at wala ka dapat kakayahang iwan Siya. Sa ganitong paraan, totohanan mo nang mararanasan ang Diyos, at sa oras na ito, kapag minahal mo ang Diyos, tunay mong mamahalin ang Diyos, at ito ay magiging isang natatangi, dalisay na pagmamahal. Isang araw, kapag sa mga ganoong karanasan na nakaabot ang iyong buhay sa isang tiyak na punto, kapag nananalangin ka sa Diyos, at kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, hindi mo magagawang alisin ang Diyos sa iyong kalooban, ni hindi mo magagawang kalimutan Siya kahit ibig mo. Naging buhay mo na ang Diyos; maaari mong kalimutan ang mundo, maaari mong kalimutan ang iyong asawa, o mga anak, ngunit magkakaroon ka ng suliranin sa paglimot sa Diyos—ang gawin iyon ay imposible, ito ay ang iyong tunay na buhay, at ang iyong tunay na pag-ibig sa Diyos. Kapag umabot na sa isang tiyak na punto ang pag-ibig ng mga tao sa Diyos, wala nang ibang makapapantay sa pagmamahal nila sa Diyos; nangunguna ang pagmamahal nila sa Diyos. Sa ganitong paraan, nagagawa mong isuko ang lahat ng iba pang bagay, at kusang tatanggapin ang lahat ng pakikitungo at pagtatabas mula sa Diyos. Kapag nakamit mo na ang pag-ibig sa Diyos na humihigit sa lahat, mamumuhay ka sa katotohanan at sa pag-ibig ng Diyos.

Hinango mula sa “Ang mga Nagmamahal sa Diyos ay Mabubuhay Magpakailanman sa Kanyang Liwanag” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung nais ng mga tao na mahalin ang Diyos, dapat nilang matikman ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos at makita ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos; sa gayon lamang makakayang gisingin sa kanila ang isang pusong nagmamahal sa Diyos, isang pusong nagbibigay-sigla sa mga tao na matapat na ibigay ang mga sarili para sa Diyos. Hindi ginagawa ng Diyos na ibigin Siya ng mga tao sa pamamagitan ng mga salita at pahayag o sa pamamagitan ng kanilang imahinasyon, at hindi Niya pinipilit ang mga tao na mahalin Siya. Sa halip, hinahayaan Niyang kusang-loob na ibigin nila Siya, at hinahayaan Niya na makita nila sa Kanyang gawain at mga pagsasalita ang Kanyang pagiging kaibig-ibig, at matapos nito ay nailuluwal sa kanila ang pag-ibig sa Diyos. Tanging sa ganitong paraan maaaring tunay na magpatotoo ang mga tao sa Diyos. Hindi minamahal ng mga tao ang Diyos dahil nahimok sila ng iba na gawin ito, at hindi rin ito panandaliang bugso ng damdamin. Minamahal nila ang Diyos sapagkat nakita na nila ang Kanyang pagiging kaibig-ibig, nakita nila na marami sa Kanya ang karapat-dapat ibigin ng mga tao, sapagkat nakita na nila ang pagliligtas, karunungan, at mga kamangha-kamanghang gawa ng Diyos—at bilang resulta, tunay silang nagpupuri sa Diyos at tunay na hinahangad Siya, at may ganoong simbuyo ng damdamin na nagigising sa kanila na hindi sila maaaring mabuhay nang hindi nakakamit ang Diyos. Ang dahilan kung bakit nagagawang magbigay ng umaalingawngaw na patotoo sa Kanya yaong mga taong tunay na nagpapatotoo sa Diyos ay dahil ang kanilang patotoo ay nakasandig sa pundasyon ng tunay na kabatiran at tunay na paghahangad para sa Diyos. Ang ganoong patotoo ay hindi inihahandog sa isang bugso ng damdamin, ngunit ayon sa kanilang kabatiran sa Diyos at sa Kanyang disposisyon. Sapagkat nakilala na nila ang Diyos, sa pakiramdam nila ay tiyak na dapat silang magpatotoo sa Diyos, at magsilbi sa lahat ng naghahangad sa Diyos na makilala ang Diyos, at magkaroon ng kamalayan sa pagiging kaibig-ibig ng Diyos at sa

Kanyang pagiging totoo. Tulad ng pag-ibig ng mga tao sa Diyos, ang kanilang patotoo ay kusang-loob, ito ay tunay, at may tunay na kabuluhan at halaga. Hindi ito pasibo o hungkag at walang-kabuluhan. Ang dahilan kung bakit ang mga umiibig lamang sa Diyos ang may lalong higit na halaga at kahulugan sa kanilang mga buhay, at sila lamang ang tunay na naniniwala sa Diyos, ay dahil nagagawa ng mga taong ito na mamuhay sa liwanag ng Diyos at nagagawang mamuhay para sa gawain at pamamahala ng Diyos. Ito ay dahil hindi sila namumuhay sa kadiliman, kundi namumuhay sa liwanag; hindi sila namumuhay nang walang-kahulugang mga buhay, bagkus ay mga buhay na pinagpala ng Diyos. Tanging ang mga taong nagmamahal sa Diyos ang nagagawang magpatotoo sa Diyos, sila lamang ang mga saksi ng Diyos, sila lamang ang pinagpala ng Diyos, at tanging sila ang nagagawang tumanggap ng mga pangako ng Diyos. Yaong mga nagmamahal sa Diyos ay mga kapalagayang-loob ng Diyos, sila ang mga tao na minamahal ng Diyos, at matatamasa nila ang mga pagpapala kasama ang Diyos. Tanging ang mga taong tulad nito ang mabubuhay hanggang sa kawalang-hanggan, at sila lamang ang mabubuhay magpakailanman sa ilalim ng pangangalaga at pag-iingat ng Diyos. Ang Diyos ay para mahalin ng tao, at karapat-dapat Siya sa pagmamahal ng lahat ng tao, ngunit hindi lahat ng tao ay may kakayahang mahalin ang Diyos, at hindi lahat ng tao ay makakayang magpatotoo sa Diyos at humawak ng kapangyarihan kasama ang Diyos. Dahil nagagawa nilang magpatotoo sa Diyos, at maglaan ng lahat ng kanilang mga pagsisikap sa gawain ng Diyos, ang mga taong tunay na umiibig sa Diyos ay maaaring maglakad saanman sa ilalim ng mga kalangitan nang walang sinumang mangangahas na labanan sila, at makakaya nilang gamitin ang kapangyarihan sa lupa at pamunuan ang lahat ng tao ng Diyos. Nagsasama-sama ang mga taong ito mula sa iba’t ibang dako ng mundo. Nagsasalita sila ng iba’t ibang wika at may iba’t ibang kulay ng balat, ngunit ang kanilang pag-iral ay may magkatulad na kahulugan; lahat sila ay may pusong nagmamahal sa Diyos, lahat sila ay nagtataglay ng magkatulad na patotoo, at may magkakatulad na

kapasyahan, at magkatulad na mithiin. Makapaglalakad nang malaya sa buong mundo ang mga umiibig sa Diyos, at makapaglalakbay sa buong sansinukob ang mga taong nagpapatotoo sa Diyos. Minamahal ng Diyos ang mga taong ito, pinagpapala sila ng Diyos, at mabubuhay sila magpakailanman sa Kanyang liwanag.

Hinango mula sa "Ang mga Nagmamahal sa Diyos ay Mabubuhay Magpakailanman sa Kanyang Liwanag" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

170. Ang mga Prinsipyo ng Pagbibigay-Kaluguran sa Diyos

(1) Kinakailangang maunawaan ang katotohanan ng katiwalian ng tao batay sa mga salita ng Diyos. Gamitin ang katotohanan upang baguhin ang iyong tiwaling disposisyon, at tunay na magsisi at magbago.

(2) Dapat na matapat at makatuwiran ang isang tao nang hindi humihiling ng anuman mula sa Diyos, ni naghahangad ng anumang karangyaan mula sa Kanya. Maghangad lamang na makapagbigay ng paglilingkod sa Kanya hanggang sa wakas;

(3) Tumayo sa posisyong naaangkop para sa isang nilikha. Nagmula sa Diyos ang lahat ng mayroon ang mga tao. Dapat na mabuhay at mamatay ang tao sa paggalang sa Kanyang pagsasaayos nang hindi nagtatakda ng mga kundisyon ni humihiling ng pagbibigay katuwiran;

(4) Sa pananampalataya sa Diyos, dapat na hangarin ng tao ang katotohanan, palitan ang kanilang disposisyon, ibigin ang Diyos, at magpatotoo para sa Kanya. Sa ganito lamang ganap na maisasakatuparan ng tao ang kalooban ng Diyos.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Bilang isang mananampalataya sa Diyos, dapat sa Kanya ka lamang maging tapat sa lahat ng mga bagay, at maki-ayon sa kalooban Niya sa lahat ng mga bagay. Gayunman, kahit naiintindihan ng lahat ang mensaheng ito, dahil sa sari-saring kahirapan ng tao—dahil sa kanyang kamangmangan, pagiging kakatuwa, at katiwalian, halimbawa na—ang

mga katotohanang ito, na pinakamalinaw at pinakabatayan ng lahat, ay hindi ganap na nakikita sa kanya, kaya naman, bago maitaga sa bato ang katapusan ninyo, nararapat Kong sabihin sa inyo ang ilang mga bagay na may pinakamalaking kahalagahan sa inyo. Bago Ako magpatuloy, dapat muna ninyong maintindihan ito: Ang mga salitang sinasabi Ko ay mga katotohanang nakatuon sa buong sangkatauhan; hindi lamang sila tumutukoy sa isang tiyak na tao o uri ng tao. Samakatuwid, dapat ninyong tutukan ang pag-intindi sa mga salita Ko mula sa pananaw ng katotohanan, at dapat magkaroon ng saloobin ng ganap na pagkakatuon at katapatan; huwag ninyong balewalain ang isa mang salita o katotohanang sinasabi Ko, at huwag tratuhin nang basta-basta ang lahat ng mga salitang sinasabi Ko. Sa mga buhay ninyo, nakikita Kong marami kayong ginawang walang kinalaman sa katotohanan, kaya naman malinaw Kong hinihiling na maging mga lingkod kayo ng katotohanan, na hindi kayo magpaalipin sa kabuktutan at kapangitan, at huwag ninyong yurakan ang katotohanan o dungisan ang alinmang sulok ng tahanan ng Diyos. Ito ang paalaala Ko sa inyo. Magsasalita Ako ngayon tungkol sa paksang malapit sa atin.

Una, para sa kapakanan ng kapalaran ninyo, dapat ninyong hanapin ang pag-ayon ng Diyos. Ibig sabihin, yamang kinikilala ninyong kasapi kayo sa tahanan ng Diyos, dapat magdala kayo kung gayon ng kapayapaan ng isip sa Diyos at magbigay-kasiyahan sa Kanya sa lahat ng mga bagay. Sa madaling salita, dapat maprinsipyo kayo sa mga kilos ninyo at umaayon sa katotohanang nasa kanila. Kung mahigit ito sa iyo, kamumuhian at tatanggihan ka ng Diyos at itatakwil ng bawat tao. Kapag nahulog ka sa gayong kalagayan, hindi ka na kung gayon mabibilang sa tahanan ng Diyos, na siya mismong kahulugan ng hindi pag-ayon ng Diyos.

Pangalawa, dapat ninyong malamang gusto ng Diyos yaong mga tapat. Sa diwa, matapat ang Diyos, at kaya naman palaging mapagkakatiwalaan ang mga salita Niya; higit pa rito, walang mali at hindi mapag-aalinlanganan ang mga kilos Niya, kung kaya gusto ng Diyos yaong mga lubos na tapat sa Kanya. Ang katapatan ay nangangahulugang pagbibigay ng puso mo sa Diyos, pagiging wagas sa Diyos sa lahat ng

mga bagay, pagiging bukas sa Kanya sa lahat ng mga bagay, hindi pagtatago kailanman ng katotohanan, hindi pagsusubok na malinlang yaong mga nasa itaas at nasa ibaba mo, at hindi paggawa ng mga bagay upang manuyo lamang sa Diyos. Sa madaling salita, ang pagiging tapat ay pagiging dalisay sa mga kilos at mga salita mo, at hindi paglilinlang sa Diyos o sa tao. …

Ito ang pangatlong bagay na nais Kong sabihin sa inyo: Ang bawat tao, sa pamumuhay niya sa buhay ng pananampalataya sa Diyos, ay nakagawa ng mga bagay na lumalaban at nanlilinlang sa Diyos. Hindi kailangang itala bilang pagkakasala ang ilang mga maling gawa, ngunit walang kapatawaran ang ilan; sapagkat maraming gawa ang lumalabag sa mga atas administratibo, na nagkakasala sa disposisyon ng Diyos. Marami sa mga nababahala sa kanilang sariling mga kapalaran ang maaaring magtanong kung anu-ano ang mga gawang ito. Dapat ninyong malamang likas kayong mga mapagmataas at mayayabang, at ayaw magpasakop sa mga katotohanan. Sa dahilang ito, sasabihin Ko sa inyo nang paunti-unti matapos kayong magmuni-muni sa mga sarili ninyo. Hinihimok Ko kayong magkaroon ng mas mahusay na pag-unawa sa nilalaman ng mga atas administratibo, at magsikap alamin ang disposisyon ng Diyos. Kung hindi, mahihirapan kayong panatilihing tikom ang mga labi ninyo, malayang mamamagaypay ng magarbong pananalita ang mga dila ninyo, at hindi sinasadyang magkakasala kayo sa disposisyon ng Diyos at mahuhulog sa kadiliman, na mawawalan ng presensiya ng Banal na Espiritu at ng liwanag. Sapagkat wala kayong prinsipyo sa mga kilos ninyo, sapagkat ginagawa at sinasabi mo ang hindi dapat, tatanggap ka ng naaangkop na ganti. Dapat mong malamang kahit wala kang prinsipyo sa salita at gawa, lubhang maprinsipyo ang Diyos sa dalawang bagay na ito. Pagkakasala sa Diyos, hindi sa isang tao, ang dahilan ng pagkakatanggap mo ng ganti. Kung sa buhay mo marami kang mga pagkakasala sa disposisyon ng Diyos, papunta ka sa pagiging anak ng impiyerno.

Hinango mula sa “Tatlong Paalaala” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung kaya mong ilaan ang iyong puso, katawan, at lahat ng iyong tunay na pagmamahal sa Diyos, iharap ang mga iyon sa Kanya, maging ganap na masunurin sa Kanya, at maging lubos na mapagbigay sa Kanyang kalooban—hindi para sa laman, hindi para sa pamilya, at hindi para sa iyong sariling personal na mga hangarin, kundi para sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, na itinuturing ang salita ng Diyos bilang prinsipyo at pundasyon sa lahat—sa paggawa niyon, ang iyong mga layunin at iyong mga pananaw ay malalagay na lahat sa tamang lugar, at magiging isa kang tao sa harap ng Diyos na tumatanggap ng Kanyang papuri. Ang mga taong gusto ng Diyos ay yaong mga tiyak na Kanya; sila yaong sa Kanya lamang magiging matapat. Ang mga kinasusuklaman ng Diyos ay yaong mga malamig sa Kanya at sumusuway sa Kanya. Kinasusuklaman Niya yaong mga naniniwala sa Kanya at laging gustong masiyahan sa Kanya habang hindi pa nagagawang lubos na gugulin ang kanilang sarili para sa Kanyang kapakanan. Kinasusuklaman Niya yaong mga nagsasabi na Siya ay mahal nila ngunit sumusuway sa Kanya sa kanilang puso; kinasusuklaman Niya yaong mga gumagamit ng magagaling at mabulaklak na salita upang manlinlang. Yaong mga hindi tunay na nakalaan sa Diyos o hindi pa tunay na nagpapasakop sa Kanya ay mga taksil at masyadong likas na mayabang. Yaong mga hindi tunay na makapagpasakop sa harap ng normal at praktikal na Diyos ay mas mayabang pa, at sila ay talagang ang masunuring mga inapo ng arkanghel. Ang mga taong tunay na ginugugol ang kanilang sarili para sa Diyos ay inilalagak ang buo nilang pagkatao sa Kanyang harapan; tunay silang nagpapasakop sa lahat ng Kanyang mga pahayag, at naisasagawa nila ang Kanyang mga salita. Ginagawa nilang pundasyon ng kanilang pag-iral ang mga salita ng Diyos, at nagagawa nilang taimtim na saliksikin ang nilalaman ng mga salita ng Diyos upang alamin kung aling mga bahagi ang isasagawa. Sila yaong mga tao na tunay na namumuhay sa harap ng Diyos. Kung ang iyong ginagawa ay kapaki-pakinabang sa iyong buhay, at sa pamamagitan ng pagkain at pag-inom ng Kanyang mga salita ay matutugunan mo ang mga panloob na pangangailangan at kakulangan

upang magbago ang iyong disposisyon sa buhay, mapapalugod nito ang kalooban ng Diyos. Kung kikilos ka alinsunod sa mga kinakailangan ng Diyos, at kung hindi mo binibigyan ng kasiyahan ang laman kundi sa halip ay pinalulugod mo ang Kanyang kalooban, dito ay nakapasok ka na sa realidad ng Kanyang mga salita.

Hinango mula sa "Yaong mga Tunay na Nagmamahal sa Diyos ay Yaong mga Talagang Nagpapasakop sa Kanyang Pagiging Praktikal" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Magmula nang maniwala ang mga tao sa Diyos, nagkimkim na sila ng maraming maling intensyon. Kapag hindi mo isinasagawa ang katotohanan, nararamdaman mong lahat ng iyong layunin ay tama, ngunit kapag may nangyari sa iyo, makikita mong maraming maling intensyon sa kalooban mo. Kaya, kapag ginagawang perpekto ng Diyos ang mga tao, sinasanhi Niya na matanto nila na maraming kuro-kuro sa kanilang kalooban na humahadlang sa kanilang pagkakilala sa Diyos. Kapag natatanto mong mali ang iyong mga intensyon, kung nagagawa mong itigil ang pagsasagawa ayon sa iyong mga kuro-kuro at intensyon, at nagagawa mong magpatotoo sa Diyos at panindigan ang iyong posisyon sa lahat ng nangyayari sa iyo, nagpapatunay ito na nalabanan mo na ang laman. Kapag nilalabanan mo ang laman, tiyak na magkakaroon ng isang labanan sa iyong kalooban. Susubukang himukin ni Satanas ang mga tao na sundin ito, susubukan sila nitong utusan na sundin ang mga kuro-kuro ng laman at panindigan ang mga interes ng laman—ngunit liliwanagan at paliliwanagin ng mga salita ng Diyos ang kalooban ng mga tao, at sa oras na ito ay nasa iyo na kung susundin mo ang Diyos o susundin si Satanas. Pangunahing hinihingi ng Diyos sa mga tao na isagawa ang katotohanan upang pakitunguhan ang mga bagay na nasa kalooban nila, upang pakitunguhan ang kanilang mga kaisipan at mga kuro-kuro na hindi kaayon ng puso ng Diyos. Pinupukaw ng Banal na Espiritu ang mga tao sa kanilang puso, at nililiwanagan at pinaliliwanag sila. Kaya sa likod ng lahat ng bagay na nangyayari ay isang labanan: Tuwing isinasagawa ng mga tao ang katotohanan, o isinasagawa ang pag-ibig sa Diyos, mayroong isang

malaking labanan, at bagama’t maaaring mukhang maayos ang lahat sa kanilang laman, sa kaibuturan ng kanilang mga puso, sa katunayan ay nagpapatuloy ang isang labanan sa pagitan ng buhay at kamatayan—at matapos lamang ng matinding labanang ito, matapos ang napakaraming pagmumuni-muni, saka mapagpapasyahan ang tagumpay o pagkatalo. Hindi alam ng isang tao kung tatawa o hihikbi. Dahil marami sa mga intensyon na nasa kalooban ng mga tao ang mali, o kaya’y dahil marami sa gawain ng Diyos ang taliwas sa kanilang mga kuro-kuro, kapag isinagawa ng mga tao ang katotohanan, isang malaking labanan ang nagaganap sa likod ng mga eksena. Matapos maisagawa ang katotohanang ito, sa likod ng mga eksena, hindi na mabilang ang mga patak ng luhang ibinuhos ng mga tao dahil sa kalungkutan bago nila tuluyang napagpasyahan na bigyang-kasiyahan ang Diyos. Dahil sa labanang ito kung kaya’t dumaranas ang mga tao ng paghihirap at pagdadalisay; ito ay totoong pagdurusa. Kapag nangyari sa iyo ang labanan, kung magagawa mong tunay na pumanig sa Diyos, magagawa mong bigyan ng kasiyahan ang Diyos. Habang isinasagawa ang katotohanan, tiyak na magdurusa ang kalooban ng isang tao; kung, kapag isinagawa nila ang katotohanan, ang lahat ng nasa kalooban ng mga tao ay tama, hindi na sila kailangan pang gawing perpekto ng Diyos, at hindi magkakaroon ng labanan, at hindi sila magdurusa. Dahil maraming bagay sa kalooban ng tao ang hindi akmang gamitin ng Diyos, at dahil maraming mapanghimagsik na disposisyon ng laman, kung kaya’t kailangang mas malalim na matutuhan ng tao ang aral ng paglaban sa laman. Ito ang tinatawag ng Diyos na paghihirap na Kanyang hiningi sa tao na pagdaanan kasama Niya. Kapag nakakaranas ka ng mga paghihirap, magmadali kang manalangin sa Diyos: “O Diyos! Nais kong magbigay-kasiyahan sa Iyo, nais kong tiisin ang sukdulang paghihirap upang makapagbigay-kasiyahan sa Iyong puso, at gaano man kalaki ang mga dagok na aking makatagpo, kailangan ko pa ring magbigay-kasiyahan sa Iyo. Kahit na kailanganin ko pang ibigay ang aking buong buhay, kailangan ko pa ring magbigay-kasiyahan sa Iyo!” Kapag may ganito kang kapasyahan, kapag nananalangin ka nang ganito,

magagawa mong panindigan ang iyong patotoo. Tuwing isinasagawa nila ang katotohanan, tuwing sumasailalim sila sa pagpipino, tuwing sinusubok sila, at tuwing dumarating sa kanila ang gawain ng Diyos, kailangang magtiis ang mga tao ng matinding sakit. Ang lahat ng ito ay isang pagsubok para sa mga tao, at kaya sa loob nilang lahat ay may isang digmaan. Ito ang aktwal na halagang kanilang binabayaran. Ang higit pang pagbabasa ng mga salita ng Diyos at higit pang pag-aabala ay bahagi ng kabayarang iyon. Ito ang nararapat gawin ng mga tao, tungkulin nila ito, at ang pananagutan na dapat nilang tuparin, ngunit dapat na isantabi ng mga tao yaong nasa loob nila na kailangang maisantabi. Kung hindi, gaano man katindi ang iyong panlabas na pagdurusa, gaano ka man magpakaabala, ang lahat ay mawawalan ng kabuluhan! Na ang ibig sabihin, tanging ang mga pagbabago sa iyong kalooban ang makapagsasabi kung may halaga ang iyong panlabas na paghihirap. Kapag nagbago na ang iyong panloob na disposisyon at naisagawa mo na ang katotohanan, magkakamit ng pagsang-ayon ng Diyos ang lahat ng iyong panlabas na paghihirap; kung walang naging pagbabago sa iyong panloob na disposisyon, kahit gaano karaming paghihirap ang iyong tiisin o gaano ka man magpakaabala sa panlabas, walang magiging pagsang-ayon mula sa Diyos—at ang paghihirap na hindi pinagtibay ng Diyos ay walang kabuluhan. Kaya, kung sinasang-ayunan ng Diyos ang halaga na iyong ibinayad ay malalaman sa pamamagitan ng kung nagkaroon na ba ng pagbabago sa iyo o hindi, at kung isinasagawa mo ba ang katotohanan o hindi at kung lumalaban ka ba sa sarili mong mga intensyon at mga kuro-kuro upang makamit ang pagsasakatuparan kalooban ng Diyos, ang pagkakilala sa Diyos, at ang katapatan sa Diyos. Gaano man ang iyong pag-aabala, kung hindi mo pa kailanman nagawang labanan ang sarili mong mga intensyon, kundi naghahanap ka lamang ng panlabas na mga aksyon at sigasig, at hindi kailanman nagbibigay-pansin sa iyong buhay, ang iyong paghihirap ay walang kabuluhan. Kung, sa isang tiyak na kapaligiran, mayroon kang nais sabihin, ngunit sa iyong kalooban ay nararamdaman mong hindi tamang sabihin ito, na ang pagsasabi nito ay hindi makabubuti sa iyong mga

kapatid, at maaaring makasakit sa kanila, hindi mo ito sasabihin, at pipiliin mong tahimik na masaktan ang kalooban mo, sapagka't hindi matutugunan ng mga salitang ito ang kalooban ng Diyos. Sa oras na ito, magkakaroon ng paglalaban sa iyong kalooban, ngunit ikaw ay magiging handang magdusa ng sakit at isuko ang iyong iniibig. Magiging handa kang tiisin ang pagdurusang ito upang bigyang-kasiyahan ang Diyos, at bagama't magdurusa ng sakit ang kalooban mo, hindi ka magpapadala sa laman, at ang puso ng Diyos ay masisiyahan, at kaya mapagiginhawa rin ang kalooban mo. Ito ang tunay na pagbabayad ng halaga, at ang halagang ninanais ng Diyos. Kung nagsasagawa ka sa ganitong paraan, siguradong pagpapalain ka ng Diyos; kung hindi mo makakamit ito, gaano karami man ang nauunawaan mo, o gaano ka man kahusay sa pananalita, itong lahat ay para sa wala! Kung, sa landas tungo sa pagmamahal sa Diyos, nagagawa mong tumayo sa panig ng Diyos kapag nakikipaglaban Siya kay Satanas, at hindi ka bumabalik kay Satanas, nakamit mo na ang pag-ibig sa Diyos, at nakapanindigan ka na sa iyong patotoo.

Hinango mula sa "Ang Pagmamahal Lamang sa Diyos ang Tunay na Pananampalataya sa Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa bawat hakbang ng gawaing ginagawa ng Diyos sa gitna ng mga tao, sa panlabas ay mukha itong pag-uugnayan sa pagitan ng mga tao, na para bang mula sa pagsasaayos ng tao, o mula sa panghihimasok ng tao. Ngunit sa likod ng mga eksena, ang bawat hakbang ng gawain, at lahat ng nangyayari, ay isang pustahan na ginawa ni Satanas sa harap ng Diyos, at nangangailangan sa mga tao na manindigan sa kanilang patotoo sa Diyos. Gaya nang si Job ay sinubukan, halimbawa: Sa likod ng mga eksena, nakikipagpustahan si Satanas sa Diyos, at ang nangyari kay Job ay mga gawa ng tao, at panghihimasok ng mga tao. Sa likod ng bawat hakbang ng gawaing ginagawa ng Diyos sa inyo ay ang pakikipagpustahan ni Satanas sa Diyos—sa likod ng lahat ng ito ay isang labanan. Halimbawa, kung ikaw ay may pagkiling tungo sa iyong mga kapatid, magkakaroon ka ng mga salita na nais mong sabihin—mga salita na sa pakiramdam mo ay

maaaring hindi ikatuwa ng Diyos—ngunit kung hindi mo sasabihin ang mga ito, makararamdam ka ng paghihirap sa kalooban mo, at sa sandaling ito, magsisimula ang isang paglalaban sa kalooban mo: “Magsasalita ba ako o hindi?” Ito ang paglalaban. Kaya, sa lahat ng bagay na makatagpo mo ay may labanan, at kapag may labanan sa iyong kalooban, dahil sa iyong aktwal na kooperasyon at aktwal na pagdurusa, gumagawa ang Diyos sa iyong kalooban. Sa huli, nagagawa mong isantabi sa kalooban mo ang pangyayari at ang galit ay likas na nawawala. Ganito ang epekto ng iyong pakikipagtulungan sa Diyos. Kailangan ng mga taong magbayad ng isang tiyak na halaga sa kanilang mga pagsisikap sa lahat ng kanilang ginagawa. Kung walang aktwal na paghihirap, hindi nila mabibigyang-kasiyahan ang Diyos, hindi man lamang sila kalapitan sa pagbibigay-kasiyahan sa Diyos, at nagbubuga lamang sila ng mga hungkag na kasabihan! Mabibigyang-kasiyahan ba ng mga hungkag na kasabihang ito ang Diyos? Kapag naglalaban sa espirituwal na dako ang Diyos at si Satanas, paano mo dapat bigyang-kasiyahan ang Diyos, at paano ka dapat manindigan sa iyong patotoo sa Kanya? Dapat mong malaman na ang lahat ng nangyayari sa iyo ay isang malaking pagsubok at ang oras na kailangan ka ng Diyos na magpatotoo. Bagama’t maaaring hindi mukhang mahalaga ang mga ito sa panlabas, kapag nangyayari ang mga bagay na ito, ipinakikita ng mga ito kung mahal mo ba o hindi ang Diyos. Kung mahal mo, makakapanindigan ka sa iyong patotoo sa Kanya, at kung hindi mo naisagawa ang pag-ibig sa Kanya, ipinapakita nito na ikaw ay hindi isang taong nagsasagawa ng katotohanan, na ikaw ay walang katotohanan, at walang buhay, na ikaw ay ipa! Ang lahat ng bagay na nangyayari sa mga tao ay nangyayari kapag kailangan sila ng Diyos na manindigan sa kanilang pagpapatotoo sa Kanya. Bagama’t walang malaking nangyayari sa iyo sa sandaling ito at hindi ka lubos na nagpapatotoo, ang bawat detalye ng iyong pang-araw-araw na buhay ay isang patotoo sa Diyos. Kung makakamit mo ang paghanga ng iyong mga kapatid, mga miyembro ng iyong pamilya, at lahat ng tao sa iyong paligid; kung, isang araw, dumating ang mga hindi mananampalataya, at humanga sa lahat ng iyong

ginagawa, at makitang ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay kahanga-hanga, nakapagpatotoo ka na. Kahit wala kang kabatiran at mababa ang iyong kakayahan, sa pamamagitan ng pagperpekto sa iyo ng Diyos, nagagawa mong bigyan Siya ng kasiyahan at isaisip ang Kanyang kalooban, na ipinapakita sa iba ang dakilang gawaing nagawa Niya sa mga tao na may pinakamababang kakayahan. Kapag nakikilala ng mga tao ang Diyos at nagiging mga mananagumpay sila sa harap ni Satanas, na lubhang matapat sa Diyos, wala nang iba pang mas may lakas kaysa sa grupong ito ng mga tao, at ito ang pinakadakilang patotoo. Bagama't hindi mo kayang gumawa ng dakilang gawain, kaya mong bigyang-kasiyahan ang Diyos. Hindi maisantabi ng iba ang kanilang mga kuro-kuro, ngunit kaya mo; hindi kaya ng iba na magpatotoo sa Diyos sa panahon ng kanilang aktwal na mga karanasan, ngunit nagagamit mo ang iyong aktwal na katayuan at mga pagkilos upang suklian ang pagmamahal ng Diyos at magbigay ng maugong na patotoo sa Kanya. Ito lamang ang mabibilang na aktwal na pagmamahal sa Diyos. Kung hindi mo ito kayang gawin, hindi ka nagpapatotoo sa mga miyembro ng iyong pamilya, sa iyong mga kapatid, o sa harap ng mga tao sa mundo. Kung hindi mo kayang magpatotoo sa harap ni Satanas, tatawanan ka ni Satanas, ituturing ka nito bilang isang katatawanan, bilang isang laruan, madalas ka nitong lilinlangin, at gagawin kang baliw. Sa hinaharap, maaaring dumating sa iyo ang malalaking pagsubok—pero ngayon, kung mahal mo ang Diyos nang may tapat na puso, at gaano man kalaki ang mga pagsubok na darating, anuman ang mangyari sa iyo, nagagawa mong panindigan ang iyong pagpapatotoo, at nagagawa mong bigyang-kasiyahan ang Diyos, pagiginhawahin ang iyong puso, at hindi ka matatakot gaano man kalaki ang mga pagsubok na iyong makakatagpo sa hinaharap. Hindi ninyo makikita kung ano ang mangyayari sa hinaharap; maaari lamang ninyong bigyang-kasiyahan ang Diyos sa mga kalagayan sa ngayon. Wala kayong kakayahang gumawa ng anumang dakilang gawain at dapat kayong tumuon sa pagbibigay-kasiyahan sa Diyos sa pamamagitan ng pagdanas ng Kanyang mga salita sa tunay na buhay, at magpahayag ng matibay at maugong na

pagpapatotoo na nagdadala ng kahihiyan kay Satanas. Bagama't mananatili ang iyong laman na hindi ganap na nasisiyahan at nagdusa, naghatid ka ng kasiyahan sa Diyos at nagdala ng kahihiyan kay Satanas. Kung lagi kang nagsasagawa sa ganitong paraan, magbubukas ang Diyos ng isang landas sa harap mo. Kapag, isang araw, dumating ang isang malaking pagsubok, babagsak ang iba, ngunit makatatayo ka nang matatag: Dahil sa halaga na iyong binayaran, iingatan ka ng Diyos upang matatag kang makatayo at hindi bumagsak. Kung sa karaniwan ay naisasagawa mo ang katotohanan at nabibigyang-kasiyahan ang Diyos nang may pusong tunay na nagmamahal sa Kanya, tiyak na iingatan ka ng Diyos sa mga pagsubok sa hinaharap. Bagama't hangal ka at mababa ang katayuan at mahina ang kakayahan, hindi kikiling ang Diyos laban sa iyo. Batay ito sa kung ang iyong mga layunin ay tama. Ngayon, nabibigyang-kasiyahan mo ang Diyos, kung saan maasikaso ka sa pinakamaliliit na detalye, pinalulugod mo ang Diyos sa lahat ng bagay, mayroon kang pusong tunay na nagmamahal sa Diyos, ibinibigay mo ang tunay mong puso sa Diyos, at bagama't may ilang bagay na hindi mo maunawaan, kaya mong humarap sa Diyos upang maitama ang iyong mga intensyon, at hanapin ang kalooban ng Diyos, at ginagawa mo ang lahat na kailangan upang bigyang-kasiyahan ang Diyos. Marahil ay iiwan ka ng lahat ng iyong kapatid, ngunit palulugurin ng puso mo ang Diyos, at hindi mo pagnanasaan ang mga kasiyahan ng laman. Kung lagi kang nagsasagawa sa ganitong paraan, iingatan ka pagdating sa iyo ng malalaking pagsubok.

Hinango mula sa "Ang Pagmamahal Lamang sa Diyos ang Tunay na Pananampalataya sa Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sa ngayon, karamihan sa mga tao ay walang gayong kaalaman. Naniniwala sila na ang pagdurusa ay walang halaga, tinatalikuran sila ng mundo, puro problema ang buhay nila sa tahanan, hindi sila minamahal ng Diyos, at wala silang masyadong maaasahan. Ang pagdurusa ng ilang tao ay umaabot sa isang sukdulan, at ang kanilang mga iniisip ay nagiging tungkol sa kamatayan. Hindi ito tunay na pagmamahal sa Diyos; ang

gayong mga tao ay mga duwag, wala silang pagtitiyaga, sila ay mahihina at walang lakas! Nasasabik ang Diyos na mahalin Siya ng tao, ngunit kapag lalo Siyang minamahal ng tao, lalong tumitindi ang pagdurusa ng tao, at kapag lalo Siyang minamahal ng tao, lalong tumitindi ang mga pagsubok ng tao. Kung minamahal mo Siya, lahat ng uri ng pagdurusa ay sasapit sa iyo—at kung hindi naman, marahil ay magiging maayos ang lahat para sa iyo at lahat ay magiging payapa sa paligid mo. Kapag minamahal mo ang Diyos, madarama mo na marami sa paligid mo ang hindi mo makakayanan, at dahil ang iyong tayog ay napakaliit ikaw ay pipinuhin; bukod dito, wala kang kakayahang mapalugod ang Diyos, at lagi mong madarama na napakatayog ng kalooban ng Diyos, na hindi ito kayang abutin ng tao. Dahil sa lahat ng ito ikaw ay pipinuhin—dahil maraming kahinaan sa iyong kalooban, at marami ang walang kakayahang mapalugod ang kalooban ng Diyos, pipinuhin ang iyong kalooban. Ngunit kailangan ninyong makita nang malinaw na ang pagdadalisay ay natatamo lamang sa pamamagitan ng pagpipino. Kaya, sa mga huling araw na ito ay kailangan ninyong magpatotoo sa Diyos. Gaano man kalaki ang inyong pagdurusa, dapat kayong magpatuloy hanggang sa kahuli-hulihan, at maging sa inyong huling hininga, kailangan pa rin kayong maging tapat sa Diyos at magpasakop sa pagsasaayos ng Diyos; ito lamang ang tunay na pagmamahal sa Diyos, at ito lamang ang malakas at matunog na patotoo. Kapag ikaw ay tinutukso ni Satanas, dapat mong sabihin: “Ang aking puso ay pag-aari ng Diyos, at nakamit na ako ng Diyos. Hindi kita mapapalugod—kailangan kong ilaan ang lahat ng kaya ko sa pagpapalugod sa Diyos.” Kapag lalo mong pinalulugod ang Diyos, lalo kang pagpapalain ng Diyos, at lalong lalaki ang pagmamahal mo sa Diyos; kaya, gayundin, magkakaroon ka ng pananampalataya at paninindigan, at madarama mo na walang mas mahalaga o makabuluhan kaysa sa isang buhay na ginugol sa pagmamahal sa Diyos. Masasabi na kung mahal ng tao ang Diyos, hindi siya malulungkot. Bagama’t may mga pagkakataon na nanghihina ang iyong laman at naliligiran ka ng maraming totoong kaguluhan, sa mga panahong ito tunay kang aasa sa Diyos, at sa kalooban

ng iyong espiritu ikaw ay aaliwin, at madarama mo ang katiyakan, at na mayroon kang isang bagay na maaasahan. Sa ganitong paraan, madaraig mo ang maraming sitwasyon, kaya nga hindi ka na magrereklamo tungkol sa Diyos dahil sa dalamhating dinaranas mo; nanaisin mong umawit, sumayaw, at manalangin, makipagtipon at makipagniig, isipin ang Diyos, at madarama mo na lahat ng tao, usapin, at bagay sa paligid mo na isinaayos ng Diyos ay angkop. Kung hindi mo mahal ang Diyos, lahat ng makikita mo ay makakayamot sa iyo, walang magiging kaaya-aya sa iyong mga mata; hindi ka magiging malaya sa iyong espiritu kundi magiging api-apihan ka, laging magrereklamo ang puso mo tungkol sa Diyos, at lagi mong madarama na napakarami mong pinagdurusahan, at na hindi iyon makatarungan. Kung hindi ka maghahangad na lumigaya, kundi mapalugod ang Diyos at hindi maakusahan ni Satanas, ang gayong paghahangad ay magbibigay sa iyo ng matinding lakas na mahalin ang Diyos. Naisasagawa ng tao ang lahat ng sinasabi ng Diyos, at lahat ng ginagawa niya ay nagpapalugod sa Diyos—ito ang ibig sabihin ng magtaglay ng realidad. Ang paghahangad na mapalugod ang Diyos ay ginagamit ang pagmamahal sa Diyos upang maisagawa ang Kanyang mga salita; anumang oras—kahit walang lakas ang iba—sa iyong kalooban ay may puso pa ring nagmamahal sa Diyos, na lubhang nasasabik at nangungulila sa Diyos. Ito ay tunay na tayog.

Hinango mula sa “Sa Pagdanas Lamang ng Masasakit na Pagsubok Mo Malalaman ang Pagiging Kaibig-ibig ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ibinigay ng Diyos ang isang anak na lalaki kay Abraham, at nang lumaki ang batang ito, hiningi ng Diyos kay Abraham na ialay ang kanyang anak sa Diyos. Sinunod ni Abraham ang utos ng Diyos nang walang labis at walang kulang, sinunod niya ang salita ng Diyos, at ang kanyang katapatan ay nakaantig sa damdamin ng Diyos at pinahalagahan ng Diyos. Gaano ito pinahalagahan ng Diyos? At bakit Niya ito pinahalagahan? Sa panahong walang nakaunawa sa mga salita ng Diyos o nakaintindi sa Kanyang puso, may ginawa si Abraham na nagpayanig sa kalangitan at

nagpanginig sa kalupaan, at nagbigay ito ng hindi matatawarang kasiyahan sa Diyos, at nagbigay sa Diyos ng kagalakan sa pagkamit ng isang tao na kayang sundin ang Kanyang mga salita. Ang kasiyahan at kagalakan na ito ay nagmula sa isang nilalang na gawa ng sariling kamay ng Diyos, at ang unang "sakripisyo" na inialay ng tao sa Diyos at pinaka-pinahalagahan ng Diyos, magmula nang likhain ang tao. Nahirapan ang Diyos na hintayin ang sakripisyong ito, at trinato Niya ito bilang unang pinakamahalagang regalo na mula sa tao, na Kanyang nilikha. Ipinakita nito sa Diyos ang unang bunga ng Kanyang mga pagsusumikap at ang halaga na Kanyang binayaran, at hinayaan Siyang makita ang pag-asa na mayroon ang sangkatauhan. Pagkatapos, nagkaroon ang Diyos ng higit pang pananabik para sa isang grupo ng ganitong uri ng tao upang samahan Siya, tratuhin Siya nang may katapatan, bigyan Siya ng kalinga nang may katapatan. Umasa pa ang Diyos na patuloy na mabubuhay si Abraham, dahil ninais Niyang magkaroon ng ganitong uri ng puso upang samahan Siya sa pagpapatuloy Niya sa Kanyang pamamahala.

Hinango mula sa "Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo II" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Nagawa ni Jesus na tapusin ang tagubilin ng Diyos—ang gawain ng pagtubos sa buong sangkatauhan—dahil ibinigay Niya ang masusing pangangalaga sa kalooban ng Diyos, nang walang pansariling mga plano at pagsasaayos. Kaya, ganun din, Siya ay kaniig ng Diyos—ang Diyos Mismo, na isang bagay na nauunawaan ninyong lahat nang napakaigi. (Ang totoo, Siya ang Diyos Mismo na pinatotohanan ng Diyos. Binabanggit Ko ito dito upang gamitin ang katunayan ni Jesus upang isalarawan ang usapin.) Nagawa Niyang ilagay ang plano ng pamamahala ng Diyos sa pinakasentro, at palaging nanalangin sa Ama sa langit at hinangad ang kalooban ng Ama sa langit. Nanalangin Siya at nagsabi: "Diyos Ama! Ganapin yaong Iyong kalooban, at kumilos hindi ayon sa Aking mga kagustuhan kundi ayon sa Iyong plano. Maaaring mahina ang tao, nguni't bakit Ka dapat mag-alala para sa kanya? Paano magiging karapat-dapat

ang tao sa Iyong pag-aalala, ang tao na tulad ng isang langgam sa Iyong kamay? Sa Aking puso, nais Ko lamang na tuparin ang Iyong kalooban, at nais Ko na Iyong magagawa ang nais Mong gawin sa Akin ayon sa Iyong sariling mga kagustuhan." Habang nasa daan patungong Jerusalem, si Jesus ay nagdurusa, na para bang isang kutsilyo ang pinipilipit sa Kanyang puso, subali't Siya ay wala ni bahagya mang intensyong talikuran ang Kanyang salita; palaging mayroong isang makapangyarihang puwersang humihimok sa Kanya na sumulong kung saan Siya ay ipapako sa krus. Sa kahuli-hulihan, Siya ay ipinako sa krus at naging wangis ng makasalanang laman, tinatapos ang gawain ng pagtubos sa sangkatauhan. Nakawala Siya sa mga gapos ng kamatayan at ng Hades. Sa harap Niya, ang mortalidad, impiyerno, at Hades ay nawalan ng kapangyarihan, at nalupig Niya. Siya ay nabuhay sa loob ng tatlumpu't tatlong taon, sa kabuuan nito ay palagi Niyang ginawa ang Kanyang makakaya upang tuparin ang kalooban ng Diyos ayon sa gawain ng Diyos sa panahong iyon, hindi kailanman isinasaalang-alang ang Kanyang pansariling pakinabang o kawalan, at palaging iniisip ang kalooban ng Diyos Ama. Kaya, matapos na Siya ay nabautismuhan, sinabi ng Diyos: "Ito ang sinisinta Kong Anak, na siya Kong lubos na kinalulugdan." Dahil sa Kanyang serbisyo sa harap ng Diyos na ayon sa kalooban ng Diyos, inilagay ng Diyos ang mabigat na pasanin ng pagtubos sa buong sangkatauhan sa Kanyang mga balikat at pinahayo Siya upang tuparin ito, at Siya ay kwalipikado at nararapat na tumapos sa mahalagang gawaing ito. Sa kabuuan ng Kanyang buhay, tiniis Niya ang di-masusukat na pagdurusa para sa Diyos, at Siya ay tinukso ni Satanas nang di-mabilang na beses, nguni't Siya ay hindi kailanman pinanghinaan ng loob. Binigyan Siya ng Diyos ng gayong napakalaking gawain dahil ang Diyos ay nagtitiwala sa Kanya, at nagmamahal sa Kanya, at kaya personal na sinabi ng Diyos: "Ito ang sinisinta Kong Anak, na siya Kong lubos na kinalulugdan." Sa panahong iyon, si Jesus lamang ang maaaring tumupad sa tagubilin na ito, at ito ay isang praktikal na aspeto ng pagtatapos ng Diyos sa Kanyang gawain ng pagtubos sa buong sangkatauhan sa Kapanahunan ng Biyaya.

Hinango mula sa “Paano Maglingkod na Kaayon ng Kalooban ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Anuman ang hinihingi sa iyo ng Diyos, kailangan mo lamang pagsikapan ito nang buo mong lakas, at umaasa ako na makakapunta ka sa harapan ng Diyos at makapagbibigay sa Kanya ng iyong pinakamasidhing debosyon sa katapusan. Kung makikita mo ang nasisiyahang ngiti ng Diyos sa Kanyang trono, kung ito man ay ang oras ng iyong kamatayan, dapat mong makayang tumawa at ngumiti habang ipinipikit ang iyong mga mata. Dapat mong gawin ang iyong huling tungkulin sa Diyos sa iyong panahon sa lupa. Noon, si Pedro ay ipinako sa krus nang pabaligtad para sa Diyos; subalit dapat mong bigyang-kasiyahan ang Diyos sa katapusan, at ubusin ang lahat ng iyong lakas para sa Kanya. Ano ang maaaring gawin ng isang nilalang para sa Diyos? Dapat mong ibigay samakatuwid ang iyong sarili sa Diyos, nang mas maaga sa halip na mas huli, para maiwaksi ka Niya sa paraang nais Niya. Hangga’t napapasaya at nabibigyang-kaluguran nito ang Diyos, kung gayon ay hayaan Siyang gawin kung ano ang ninanais Niyang gawin sa iyo. Ano ang karapatan ng tao na bumigkas ng mga salita ng pagdaing?

Hinango mula sa “Kabanata 41” ng Mga Pakahulugan sa mga Hiwaga ng mga Salita ng Diyos sa Buong Sansinukob sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang gawain ng Diyos ay ang gampanan ang Kanyang ministeryo, at ang tungkulin ng tao ay ang sundin ang lahat ng paggabay ng Diyos, nang walang anumang paglaban. Yaong kailangang kamtin ng tao ay nararapat niyang tuparin, hindi alintana kung paano gumagawa o nabubuhay ang Diyos. Ang Diyos Mismo lamang ang maaaring magtalaga ng kinakailangan sa tao, na ibig sabihin, ang Diyos Mismo lamang ang naaangkop na magtalaga ng mga kinakailangan sa tao. Hindi dapat magkaroon ng anumang pagpili ang tao at walang dapat gawin kundi ang lubos na magpasakop at magsagawa; ito ang damdaming dapat taglayin ng tao. Sa sandaling matapos ang gawain ng Diyos Mismo, kailangan ng tao na ito ay maranasan, isa-isang hakbang. Kung, sa katapusan, kapag

ang lahat ng pamamahala ng Diyos ay natapos na, at hindi pa rin nagawa ng tao yaong mga kinakailangan ng Diyos, kung gayon dapat parusahan ang tao. Kung hindi tinutugunan ng tao ang mga kinakailangan ng Diyos, kung gayon ito ay dahil sa hindi pagsunod ng tao; hindi ito nangangahulugan na ang Diyos ay hindi naging masusi sa Kanyang gawain. Ang lahat niyaong hindi maisasagawa ang salita ng Diyos, yaong mga hindi makakatupad sa mga kinakailangan ng Diyos, at yaong mga hindi makakapagbigay ng kanilang katapatan at makatupad sa kanilang mga tungkulin ay maparurusahang lahat. Ngayon, kung ano ang kinakailangan sa inyo na kamtin ay hindi mga karagdagang hinihingi, kundi ang tungkulin ng tao, at ang kailangang gawin ng lahat ng tao. Kung kayo ay walang kakayahan na gampanan man lamang ang inyong tungkulin, o magawa ito nang mainam, hindi ba't pinahihirapan ninyo lamang ang inyong mga sarili? Hindi ba't sinusuyo ninyo ang kamatayan? Paano pa kayo makakaasa na magkaroon ng hinaharap at mga posibilidad? Ang gawain ng Diyos ay ginagawa para sa kapakanan ng sangkatauhan, at ang pakikipagtulungan ng tao ay ibinibigay para sa kapakanan ng pamamahala ng Diyos. Pagkatapos na nagawa ng Diyos ang lahat ng nararapat Niyang gawin, ang tao ay kinakailangang maging pursigido sa kanyang pagsasagawa, at makipagtulungan sa Diyos. Sa gawain ng Diyos, ang tao ay hindi dapat magkulang sa pagsisikap, nararapat mag-alay ng kanyang katapatan, at hindi dapat magpasasa sa napakaraming kuro-kuro, o maupo nang walang-kibo at maghintay ng kamatayan. Kayang isakripisyo ng Diyos ang Kanyang Sarili para sa tao, kaya bakit hindi maibigay ng tao ang kanyang katapatan sa Diyos? May iisang puso at isip ang Diyos tungo sa tao, kaya bakit hindi makapag-alok ng kaunting pakikipagtulungan ang tao? Gumagawa ang Diyos para sa sangkatauhan, kaya bakit hindi magampanan ng tao ang ilan sa mga tungkulin niya para sa kapakanan ng pamamahala ng Diyos? Nakarating na ang gawain ng Diyos nang ganito kalayo, gayunman kayo ay nakakakita pa rin ngunit hindi kumikilos, kayo ay nakakarinig ngunit hindi gumagalaw. Hindi ba't ang mga taong ganyan ay ang mga layon ng kapahamakan? Nailaan na ng Diyos ang Kanyang

lahat para sa tao, kaya bakit, ngayon, hindi pa rin magampanan ng tao nang masigasig ang kanyang tungkulin? Para sa Diyos, ang Kanyang gawain ay ang Kanyang uunahin, at ang gawain ng Kanyang pamamahala ay ang pinakamahalaga. Para sa tao, ang pagsasagawa ng mga salita ng Diyos at pagtupad sa mga kinakailangan Niya ay kanyang unang prayoridad. Ito ay dapat maunawaan ninyong lahat.

Hinango mula sa "Ang Gawain ng Diyos at ang Pagsasagawa ng Tao" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Dapat ninyong lahat tingnan ngayon ang mga sarili ninyo agad-agad, upang makita kung gaano kalaking pagkakanulo sa Akin ang nasasainyo pa. Naiinip Akong naghihintay sa inyong tugon. Huwag ninyo Akong pakitunguhan nang basta-basta. Kailanma'y hindi Ako nakikipaglaro sa mga tao. Kung sinasabi Kong gagawin Ko ang isang bagay ay tiyak na gagawin Ko ito. Umaasa Akong ang bawat isa sa inyo ay magiging isang taong sineseryoso ang mga salita Ko, at hindi ipinagpapalagay ang mga iyon na kathang-isip na agham. Ang nais Ko ay kongkretong pagkilos mula sa inyo, hindi ang inyong mga haka-haka. Sunod, dapat ninyong sagutin ang mga tanong Ko, na ang mga sumusunod: 1. Kung tunay kang isang taga-serbisyo, makakapaglingkod ka ba sa Akin nang matapat, nang walang anumang bahid ng pagpapabaya o pagiging negatibo? 2. Kung malaman mong hindi Kita napahalagahan kailanman, makakayanan mo pa rin bang manatili at maglingkod sa Akin habambuhay? 3. Kung nananatili pa rin Akong masyadong malamig sa iyo bagama't gumugol ka na ng malaking pagpupunyagi, makakaya mo bang magpatuloy gumawa para sa Akin kahit hindi napapansin? 4. Kung, pagkatapos mong gumugol para sa Akin, hindi Ko tinutugunan ang maliliit mong hinihingi, masisiraan ka ba ng loob at madidismaya sa Akin, o magiging galit na galit pa at sisigaw pa ng pang-aabuso? 5. Kung palagi ka nang naging napakatapat, nang may malaking pagmamahal sa Akin, nguni't nagdurusa ka ng pagpapahirap ng sakit, ng kasalatan sa buhay, at ng pang-iiwan ng iyong mga kaibigan at kamag-anak, o kung nagtitiis ka ng anumang iba pang mga kasawian sa

buhay, magpapatuloy pa rin ba ang iyong katapatan at pagmamahal sa Akin? 6. Kung wala sa anumang naguni-guni mo sa puso mo ang tumutugma sa kung ano ang nagawa Ko, paano ka lalakad sa landas mo sa hinaharap? 7. Kung hindi mo natatanggap ang alinman sa mga bagay na inasahan mong matanggap, makakapagpatuloy ka bang maging tagasunod Ko? 8. Kung hindi mo kailanman naunawaan ang layunin at kabuluhan ng gawain Ko, magiging isa ka bang masunuring taong hindi basta-basta gumagawa ng mga paghatol at mga konklusyon? 9. Mapapahalagahan mo ba ang lahat ng salitang sinabi Ko at lahat ng gawaing ginawa Ko habang kasama Ko ang sangkatauhan? 10. Kaya mo bang maging matapat Kong tagasunod, nakahandang magdusa para sa Akin habambuhay, kahit na hindi ka tumatanggap ng anumang bagay? 11. Alang-alang sa Akin, kaya mo bang hindi magsaalang-alang, magplano, o maghanda para sa iyong landas ng pananatiling buhay sa hinaharap? Kinakatawan ng mga tanong na ito ang Aking mga pangwakas na kinakailangan sa inyo, at inaasahan Kong lahat kayo ay makakatugon sa Akin.

Hinango mula sa “Isang Napakaseryosong Problema: Pagkakanulo (2)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

171. Ang mga Prinsipyo ng Pagkilala sa Pag-ibig ng Diyos

(1) Para sa kapakanan ng kaligtasan ng tao ang lahat ng katotohanang ipinahahayag ni Cristo. Pag-ibig ang diwa ni Cristo; ito ang katotohanan, ang daan, at ang buhay;

(2) Hindi dapat limitahan ng tao ang pag-ibig ng Diyos sa kanilang mga kuro-kuro at mga pag-iisip, na tinutukoy ito bilang biyaya, habag, at pagpapaubaya; higit pang pagpapahayag ng pag-ibig ng Diyos sa tao ang matinding paghatol, pagkastigo at pagdidisiplina;

(3) Habang ang tao ay sumasailalim sa paghatol at pagkastigo ng Diyos at sa Kanyang mga pagsubok at pagpipino, nakakawala sila mula sa impluwensiya ni Satanas, at nagbabago ang tiwali nilang disposisyon. Ito

ang totoong pag-ibig ng Diyos;

(4) Kapag may totoong pagkaunawa ang tao sa pag-ibig ng Diyos, handa silang gugulin ang kanilang mga sarili para sa Diyos, gampanang mabuti ang kanilang tungkulin upang mabigyang-kaluguran ang Diyos, at gantihan ang pag-ibig ng Diyos.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Nagpakumbaba na ang Diyos Mismo sa antas na ginagawa Niya ang Kanyang gawain sa marurumi at tiwaling mga taong ito, at pineperpekto ang grupong ito ng mga tao. Hindi lamang naging tao ang Diyos upang mamuhay at kumain sa gitna ng mga tao, gabayan ang mga tao, at tustusan ang pangangailangan ng mga tao. Ang higit na mahalaga ay ginagawa Niya ang Kanyang dakilang gawaing iligtas at lupigin ang mga taong ito na lubhang tiwali. Dumating Siya sa puso ng malaking pulang dragon upang iligtas ang pinakatiwaling mga taong ito, para lahat ng tao ay mabago at magawang bago. Ang napakalaking hirap na tinitiis ng Diyos ay hindi lamang ang hirap na tinitiis ng Diyos na nagkatawang-tao, kundi higit sa lahat ay dumaranas ng malaking kahihiyan ang Espiritu ng Diyos—Siya ay nagpapakumbaba at itinatago nang husto ang Kanyang Sarili kaya Siya nagiging isang karaniwang tao. Ang Diyos ay nagkatawang-tao at nag-anyong tao upang makita ng mga tao na mayroon Siyang isang normal na buhay ng tao at normal na mga pangangailangan ng tao. Sapat na ito upang patunayan na nagpakumbaba ang Diyos Mismo nang labis. Ang Espiritu ng Diyos ay natatanto sa katawang-tao. Ang Kanyang Espiritu ay napakataas at dakila, subalit nag-aanyo Siyang isang karaniwang tao, isang balewalang tao, upang gawin ang gawain ng Kanyang Espiritu. Ang kakayahan, kabatiran, diwa, pagiging tao, at buhay ng bawat isa sa inyo ay nagpapakita na hindi talaga kayo karapat-dapat na tumanggap ng ganitong uri ng gawain ng Diyos. Hindi talaga kayo karapat-dapat na hayaang magtiis ang Diyos ng gayong hirap para sa inyong kapakanan. Ang Diyos ay napakadakila. Siya ay lubhang kataas-taasan, at ang mga tao ay napakaaba, ngunit gumagawa pa rin Siya sa kanila. Hindi lamang Siya nagkatawang-tao upang magtustos para sa mga tao, upang magsalita sa

mga tao, kundi namumuhay pa Siyang kasama ng mga tao. Masyadong mapagkumbaba ang Diyos, masyadong kaibig-ibig.

Hinango mula sa “Yaon Lamang mga Nakatuon sa Pagsasagawa ang Mapeperpekto” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Nang pumarito ang Diyos sa lupa, hindi Siya makamundo, at hindi Siya naging tao upang masiyahan sa mundo. Ang lugar kung saan ipapakita ng paggawa ang Kanyang disposisyon at magiging pinakamakahulugan ay ang lugar kung saan Siya isinilang. Banal man o marumi ang lupain, at saan man Siya gumagawa, Siya ay banal. Lahat ng bagay sa mundo ay nilikha Niya, bagama’t lahat ay nagawa nang tiwali ni Satanas. Gayunpaman, lahat ng bagay ay pag-aari pa rin Niya; nasa mga kamay Niya ang lahat ng iyon. Pumupunta Siya sa isang maruming lupain at gumagawa roon upang ihayag ang Kanyang kabanalan; ginagawa lamang Niya ito alang-alang sa Kanyang gawain, na ibig sabihin ay tinitiis Niya ang malaking kahihiyan upang gawin ang gayong gawain upang iligtas ang mga tao ng maruming lupaing ito. Ginagawa ito upang magpatotoo, para sa kapakanan ng buong sangkatauhan. Ang ipinapakita sa mga tao ng gayong gawain ay ang katuwiran ng Diyos, at mas naipapakita nito ang pangingibabaw ng Diyos. Ang Kanyang kadakilaan at pagkamatuwid ay nakikita sa pagliligtas ng isang grupo ng hamak na mga tao na nililibak ng iba. Ang maisilang sa isang maruming lupain ay ni hindi man lang nagpapatunay na Siya ay hamak; tinutulutan lamang nitong makita ng lahat ng nilikha ang Kanyang kadakilaan at Kanyang tunay na pagmamahal para sa sangkatauhan. Habang mas ginagawa Niya ito, mas inihahayag nito ang Kanyang dalisay na pagmamahal, ang Kanyang perpektong pagmamahal sa tao. Ang Diyos ay banal at matuwid. Kahit isinilang Siya sa isang maruming lupain, at kahit kapiling Niya sa buhay ang mga taong iyon na puno ng karumihan, gaya noong namuhay si Jesus sa piling ng mga makasalanan sa Kapanahunan ng Biyaya, hindi ba ginawa ang Kanyang buong gawain upang manatiling buhay ang buong sangkatauhan? Hindi ba lahat ng iyon ay upang magtamo ng dakilang

kaligtasan ang sangkatauhan? Dalawang libong taon na ang nakararaan, namuhay Siya sa piling ng mga makasalanan sa loob ng ilang taon. Iyon ay alang-alang sa pagtubos. Ngayon, namumuhay Siya sa piling ng isang grupo ng marurumi at hamak na mga tao. Ito ay alang-alang sa kaligtasan. Hindi ba para sa kapakanan ninyong mga tao ang Kanyang buong gawain? Kung hindi para iligtas ang sangkatauhan, bakit Siya nabuhay at nagdusa kasama ng mga makasalanan sa loob ng napakaraming taon pagkatapos maisilang sa isang sabsaban? At kung hindi para iligtas ang sangkatauhan, bakit Siya magbabalik sa katawang-tao sa ikalawang pagkakataon, isisilang sa lupaing ito kung saan nagtitipon ang mga demonyo, at mamumuhay sa piling ng mga taong ito na lubhang nagawang tiwali ni Satanas? Hindi ba tapat ang Diyos? Anong bahagi ng Kanyang gawain ang hindi naging para sa sangkatauhan? Anong bahagi ang hindi naging para sa inyong tadhana? Ang Diyos ay banal—hindi iyan mababago! Hindi Siya narungisan ng dumi, bagama't pumunta Siya sa isang maruming lupain; lahat ng ito ay maaari lamang mangahulugan na ang pagmamahal ng Diyos sa sangkatauhan ay lubhang hindi makasarili at ang pagdurusa at kahihiyang Kanyang tinitiis ay napakatindi! Hindi ba ninyo alam kung gaano kalaking kahihiyan ang Kanyang dinaranas, para sa inyong lahat at para sa inyong tadhana? Sa halip na iligtas ang mga dakilang tao o ang mga anak ng mayaman at makapangyarihang mga pamilya, tinitiyak Niyang iligtas yaong mga hamak at minamaliit ng iba. Hindi ba lahat ng ito ay Kanyang kabanalan? Hindi ba lahat ng ito ay Kanyang katuwiran? Para manatiling buhay ang buong sangkatauhan, mas gusto pa Niyang maisilang sa isang maruming lupain at magdusa ng lahat ng kahihiyan. Ang Diyos ay tunay na tunay—wala Siyang ginagawang huwad na gawain. Hindi ba ginagawa ang bawat yugto ng Kanyang gawain sa napakapraktikal na paraan? Kahit sinisiraan Siya ng lahat ng tao at sinasabi na nauupo Siya sa hapag na kasama ang mga makasalanan, kahit iniinsulto Siya ng lahat ng tao at sinasabi na namumuhay Siya sa piling ng mga anak ng karumihan, na namumuhay Siya sa piling ng pinakahamak sa lahat ng tao, iniaalay pa rin Niya nang buung-buo ang Kanyang Sarili, at sa gayo'y tinatanggihan pa rin

Siya ng sangkatauhan. Hindi ba mas matindi ang pagdurusang Kanyang tinitiis kaysa sa inyo? Hindi ba mas malaki ang gawaing Kanyang ginagawa kaysa sa inyong naisakripisyo?

Hinango mula sa “Ang Kabuluhan ng Pagliligtas sa mga Inapo ni Moab” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Maraming gabi na walang tulog ang tiniis ng Diyos para sa kapakanan ng gawain ng sangkatauhan. Mula sa kaitaasan hanggang sa pinakamababang kalaliman, bumaba na Siya sa buhay na impiyerno kung saan ang tao ay nabubuhay upang gugulin ang Kanyang mga araw kasama ang tao, hindi Siya kailanman nagreklamo sa panlilimahid ng tao, at hindi Niya kailanman sinisi ang tao dahil sa kanyang pagsuway, kundi tinitiis ang pinakamatinding kahihiyan habang personal Niyang isinasakatuparan ang Kanyang gawain. Paano kayang ang Diyos ay mabibilang sa impiyerno? Paano Niya magugugol ang Kanyang buhay sa impiyerno? Nguni’t para sa kapakanan ng buong sangkatauhan, nang sa gayon ang buong sangkatauhan ay makasumpong ng kapahingahan sa mas lalong madaling panahon, tiniis Niya ang kahihiyan at nagdusa ng kawalang-katarungan upang makaparito sa lupa, at personal na pumasok sa “impiyerno” at “Hades,” sa yungib ng tigre, upang iligtas ang tao. Paanong kwalipikado ang tao na labanan ang Diyos? Anong dahilan ang mayroon siya upang magreklamo tungkol sa Diyos? Paano siya nagkakaroon ng lakas ng loob na tumingin sa Diyos? Dumating sa pinakamaruming lupain ng kasamaan na ito ang Diyos ng langit, at hindi kailanman ibinulalas ang Kanyang mga hinaing, o nagreklamo tungkol sa tao, bagkus ay tahimik na tinatanggap ang mga pamiminsala[1] at pang-aapi ng tao. Hindi Siya kailanman gumanti sa di-makatwirang mga hinihingi ng tao, hindi Siya kailanman humingi nang labis sa tao, at hindi Siya kailanman gumawa ng di-makatwirang mga paghingi sa tao; ginagawa lamang Niya ang lahat ng gawain na kinakailangan ng tao nang walang reklamo: pagtuturo, pagliliwanag, pagsaway, pagpipino ng mga salita, pagpapaalala, panghihikayat, pang-aaliw, paghatol at paghahayag. Alin sa

Kanyang mga hakbang ang hindi naging para sa buhay ng tao? Kahit naalis na Niya ang mga inaasam-asam at kapalaran ng tao, alin sa mga hakbang na isinakatuparan ng Diyos ang hindi para sa kapalaran ng tao? Alin sa mga iyon ang hindi para sa kapakanan ng pananatiling buhay ng tao? Alin sa mga iyon ang hindi para palayain ang tao mula sa paghihirap na ito at mula sa pang-aapi ng mga pwersa ng kadiliman na kasing-itim ng gabi? Alin sa mga iyon ang hindi para sa kapakanan ng tao? Sino ang maaaring makaunawa sa puso ng Diyos, na tulad ng sa isang mapagmahal na ina? Sino ang maaaring makaunawa sa sabik na puso ng Diyos?

Hinango mula sa “Gawain at Pagpasok (9)” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ginagamit ng Diyos ang Kanyang paghatol upang ang tao ay gawing perpekto, mahal na Niya ang tao, at iniligtas ang tao—ngunit gaano karami ang nakapaloob sa Kanyang pag-ibig? Mayroong paghatol, kamahalan, poot, at sumpa. Bagama’t isinumpa ng Diyos ang tao noong araw, hindi Niya ganap na itinapon ang tao sa walang-hanggang kalaliman, kundi ginamit ang kaparaanang iyon upang pinuhin ang pananampalataya ng tao; hindi Niya pinatay ang tao, kundi kumilos Siya upang gawing perpekto ang tao. Ang diwa ng laman ay yaong kay Satanas—tamang-tama ang pagkasabi rito ng Diyos—ngunit ang mga katotohanang isinasagawa ng Diyos ay hindi natatapos ayon sa Kanyang mga salita. Isinusumpa ka Niya upang mahalin mo Siya, at upang maunawaan mo ang diwa ng laman; kinakastigo ka Niya upang ikaw ay magising, upang tulutan kang malaman ang mga kakulangan sa iyong kalooban, at upang malaman ang lubos na kawalang-halaga ng tao. Sa gayon, ang mga sumpa ng Diyos, ang Kanyang paghatol, at ang Kanyang kamahalan at poot—lahat ng ito ay upang gawing perpekto ang tao. Lahat ng ginagawa ng Diyos sa ngayon, at ang matuwid na disposisyon na nililinaw Niya sa inyong kalooban—lahat ng ito ay upang gawing perpekto ang tao. Gayon ang pag-ibig ng Diyos.

Hinango mula sa “Sa Pagdanas Lamang ng Masasakit na Pagsubok Mo Malalaman ang Pagiging Kaibig-ibig ng Diyos” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ano ang diwa ni Cristo? Para sa mga tao, ang diwa ni Cristo ay pag-

ibig; para sa mga sumusunod sa Kanya, ito ay walang-hanggang pag-ibig. Kung wala Siyang pag-ibig o habag, ang mga tao ay hindi pa rin susunod sa Kanya. Ang sabi ng ilang tao, “Nguni’t matuwid din ang Diyos.” Tama na matuwid ang Diyos, nguni’t kung ang pag-uusapan ay Kanyang disposisyon, ang Kanyang katuwiran ay pangunahing ipinahayag sa pamamagitan ng Kanyang pagkasuklam sa tiwaling disposisyon ng sangkatauhan, ng Kanyang pagsumpa sa mga demonyo at kay Satanas, at ng Kanyang kawalang-pagpapaumanhin sa anumang pagkakasala laban sa Kanyang disposisyon. Kung gayon, may kasama bang pag-ibig ang Kanyang katuwiran? Pag-ibig ba ang Kanyang paghatol sa tao at paglilinis ng kanilang katiwalian? Nagdusa ang Diyos ng gayong matinding kahihiyan nang may matinding pagtitiis; hindi ba ito pag-ibig? Kaya, tatapatin Ko kayo: Sa gawaing ginagawa ng Diyos para sa sangkatauhan sa panahon ng Kanyang pagkakatawang-tao, ang Kanyang pinakamalinaw at prominenteng diwa ay pag-ibig; ito ay walang-hanggang pagpaparaya. Kung hindi ito pag-ibig, mangyayari kung gayon ang gaya ng inyong iniisip: Kung gusto ng Diyos na pabagsakin ang isang tao, gagawin Niya, at kung kinapopootan Niya ang sinuman, parurusahan, susumpain, hahatulan, at kakastiguhin Niya ang taong iyon; napakahigpit Niya! Kung galit Siya sa mga tao, manginginig sa takot ang mga tao at hindi makakatayo sa harapan Niya.... Isang paraan lamang ito ng pagpapahayag ng disposisyon ng Diyos. Sa huli, layunin pa rin Niya ang magdala ng kaligtasan. Ang pag-ibig Niya ay nakikita sa lahat ng mga pagbubunyag ng Kanyang disposisyon. Magbalik-tanaw nang isang saglit, habang gumagawa nang nasa katawang-tao, ang pinakaibinubunyag ng Diyos sa mga tao ay pag-ibig. Ano ba ang pagtitiis? Ang pagtitiis ay pagkakaroon ng awa na nagsasanga mula sa pag-ibig na nasa loob, at ang layunin pa rin nito ay iligtas ang mga tao. Nagagawa lamang ng Diyos na kaawaan ang mga tao dahil may pag-ibig Siya. Gaya ng kung may tunay na pag-ibig sa pagitan ng mag-asawang lalaki at babae, hindi nila tinitingnan ang mga pagkukulang at mga pagkakamali ng isa’t isa. Kapag napagalit ka ng iyong asawa, napagtitiisan mo siya; ang lahat ay nakatayo sa kinasasaligan ng

pag-ibig. Kung kinapootan ng mag-asawa ang isa't isa, hindi sila magkakaroon ng ganitong pag-uugali 0 hindi nila ipapahayag ang kanilang sarili sa ganoong paraan, ni hindi magkakaroon ng ganoong epekto. Kung tanging poot at matinding galit lamang mayroon ang Diyos, at humahatol at kumakastigo na lamang nang walang anumang pag-ibig, kung gayon ang sitwasyon ay hindi magiging kung ano ang nakikita ninyo ngayon, at babagsak sa inyong mga tao ang kalamidad. Pagkakalooban kaya Niya kayo ng katotohanan? Kung ang mga tao ay sinumpa pagkatapos na makastigo at mahatulan, kung gayon magiging katapusan na nila nang lubusan. Kahit pa hindi sila agad namatay, may mga magkakasakit o magkakaroon ng kapansanan, masisiraan ng bait, o mabubulag, pati na ang mga ibinigay sa mga masasamang espiritu at mahahalay na demonyo upang yurakan, at ang mga taong ito ay hindi na magiging kung ano pa sila ngayon. Kung gayon, nakapagtamasa kayo ng maraming pag-ibig mula sa Diyos; labis Niya kayong pinagpaumanhinan, kinahabagan, at mapagkandiling minahal. Gayunpaman, tinututulan ito ng mga tao, iniisip sa kanilang sarili na, "Ganito dapat tratuhin ng Diyos ang mga tao; mayroon din Siyang katuwiran at pagkapoot, at marami-rami din sa mga ito ang aming naranasan." Talaga nga ba? Kung talagang naranasan mo, kung gayon ay magiging katapusan mo na. Paano pa maka-iiral ang sangkatauhan ng panahong ito? Ang galit, poot at katuwiran ng Diyos ay ipinahayag lahat mula sa saligan ng pagnanais na magdala ng kaligtasan sa grupong ito ng mga tao. Ang disposisyong ito ay nagtataglay din ng pag-ibig at awa, pati na ng malawak na pagtitiis. Ang pagkapoot na ito ay nagdadala ng pakiramdam na wala nang iba pang pagpipilian, at may kasamang walang-hanggang pag-aalala at pag-asa para sa sangkatauhan! Ang poot ng Diyos ay nakatuon sa katiwalian ng sangkatauhan; nakatuon ito sa pagkasuwail ng mga tao at sa kanilang mga kasalanan, nakakiling ito sa isang panig, at nakatatag sa kinasasaligan ng pag-ibig. Tanging kapag may pag-ibig saka lamang maaaring may pagkapoot. Ang pagkapoot ng Diyos sa mga tao ay iba sa pagkapoot Niya kay Satanas, sapagkat inililigtas ng Diyos ang mga tao, subalit hindi Niya inililigtas si Satanas. Ang

matuwid na disposisyon ng Diyos ay nariyan na noon pa man; mayroon na Siyang matinding galit, katuwiran, at paghatol sa simula pa lamang. Ang mga ito ay hindi basta-basta na lamang umusbong sa sandaling itinuon Niya ang mga ito sa sangkatauhan. Ito na ang disposisyon ng Diyos bago pa ito namasdan ng mga tao; saka lamang nila napagtanto na ito ang likas ng Kanyang katuwiran pagkatapos nila itong matikman. Sa katunayan, matuwid, maringal, o mabagsik mang magalit ang Diyos, lahat ng gawaing ginagawa Niya para sa kaligtasan ng sangkatauhan ay bunga ng pag-ibig. Sinasabi ng ilang tao na, "Kaya't gaano karaming pag-ibig ba talaga ang kailangan doon?" Hindi ito usapin ng kung gaano karami; isang daang porsiyento nito ay pag-ibig. Anumang kaunti pa, at hindi na maliligtas ang mga tao. Inihahandog ng Diyos ang lahat ng Kanyang pag-ibig sa mga tao.

Hinango mula sa "Ang Tunay na Pag-ibig ng Diyos Para sa Sangkatauhan" sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Sa tradisyonal na mga pagkaunawa ng tao, naniniwala siya na ang pag-ibig ng Diyos ay ang Kanyang biyaya, awa, at simpatiya para sa kahinaan ng tao. Bagama't ang mga bagay na ito ay pag-ibig din ng Diyos, masyadong may kinikilingan ang mga ito, at hindi ang pangunahing kaparaanan na ginagawang perpekto ng Diyos ang tao. Kapag kasisimula pa lamang maniwala ng ilang tao sa Diyos, ito ay dahil sa karamdaman. Ang karamdamang ito ay ang biyaya ng Diyos para sa iyo; kung wala ito, hindi ka maniniwala sa Diyos, at kung hindi ka naniwala sa Diyos ay hindi ka makararating nang ganito kalayo—at sa gayon ay pag-ibig ng Diyos maging ang biyayang ito. Sa panahon ng paniniwala kay Jesus, maraming ginawa ang mga tao na hindi kaibig-ibig sa Diyos dahil hindi nila naunawaan ang katotohanan, ngunit ang Diyos ay may pag-ibig at awa, at dinala na Niya ang tao nang ganito kalayo, at bagama't walang nauunawaang anuman ang tao, hinahayaan pa rin ng Diyos ang tao na sumunod sa Kanya, at, bukod pa roon, inakay na Niya ang tao hanggang sa ngayon. Hindi ba ito ang pag-ibig ng Diyos? Yaong namamalas sa disposisyon ng Diyos ay ang pag-ibig ng Diyos—tama talaga ito! Nang

nasa kasukdulan na ang pagtatayo ng iglesia, ginawa ng Diyos ang hakbang ng gawain ng mga tagapagsilbi at itinapon ang tao sa walang-hanggang kalaliman. Ang mga salita sa panahon ng mga tagapagsilbi ay pawang mga sumpa: mga sumpa ng iyong laman, mga sumpa ng iyong tiwali at satanikong disposisyon, at mga sumpa ng mga bagay tungkol sa iyo na hindi nakalulugod sa kalooban ng Diyos. Ang gawaing ginawa ng Diyos sa hakbang na iyon ay ipinamalas bilang kamahalan, pagkatapos ay isinagawa kaagad ng Diyos ang hakbang ng gawain ng pagkastigo, at sumapit ang pagsubok na kamatayan. Sa gayong gawain, nakita ng tao ang poot, kamahalan, paghatol, at pagkastigo ng Diyos, ngunit nakita rin niya ang biyaya ng Diyos, ang Kanyang pag-ibig at Kanyang awa; lahat ng ginawa ng Diyos, at lahat ng ipinamalas bilang Kanyang disposisyon, ay pag-ibig sa tao, at lahat ng ginawa ng Diyos ay nagawang tuparin ang mga pangangailangan ng tao. Ginawa Niya ito upang gawing perpekto ang tao, at naglaan Siya para sa tao ayon sa tayog nito. Kung hindi ito nagawa ng Diyos, hindi sana makakaharap ang tao sa Diyos at walang paraan para malaman niya ang tunay na mukha ng Diyos. Mula nang unang simulan ng tao na maniwala sa Diyos hanggang sa ngayon, unti-unti nang naglaan ang Diyos para sa tao alinsunod sa tayog ng tao, kaya nga, sa kalooban, unti-unti na Siyang nakilala ng tao. Ngayon lamang napagtatanto ng tao kung gaano kahanga-hanga ang paghatol ng Diyos. Ang hakbang ng gawain ng mga tagapagsilbi ay ang unang pangyayari ng gawain ng pagsumpa mula sa panahon ng paglikha hanggang sa ngayon. Ang tao ay isinumpa sa walang-hanggang kalaliman. Kung hindi iyon nagawa ng Diyos, wala sanang tunay na kaalaman ang tao tungkol sa Diyos ngayon; sa pamamagitan lamang ng pagsumpa ng Diyos tunay na naranasan ng tao ang Kanyang disposisyon. Inilantad ang tao sa pamamagitan ng pagsubok sa mga tagapagsilbi. Nakita Niya na ang katapatan nito ay hindi katanggap-tanggap, na ang tayog nito ay napakaliit, na wala itong kakayahang mapalugod ang kalooban ng Diyos, at na ang sinasabi nitong pagpapalugod sa Diyos sa lahat ng oras ay puro mga salita lamang. Bagama’t sa hakbang ng gawain ng mga tagapagsilbi ay isinumpa ng

Diyos ang tao, kung gugunitain ngayon, ang hakbang ng gawaing yaon ng Diyos ay kahanga-hanga: Nagdulot ito ng isang malaking pagbabago para sa tao, at nagsanhi ng isang malaking pagbabago sa kanyang disposisyon sa buhay. Bago ang panahon ng mga tagapagsilbi, walang naunawaang anuman ang tao tungkol sa paghahangad sa buhay, kung ano ang kahulugan ng maniwala sa Diyos, o ang karunungan ng gawain ng Diyos, at ni hindi niya naunawaan na maaaring subukin ng gawain ng Diyos ang tao. Mula sa panahon ng mga tagapagsilbi hanggang sa ngayon, nakikita ng tao kung gaano kamangha-mangha ang gawain ng Diyos—hindi ito maaarok ng tao—at hindi niya maisip kung paano gumagawa ang Diyos sa pamamagitan ng paggamit ng kanyang utak, at nakikita rin niya kung gaano kaliit ang kanyang tayog at na napakatindi ng kanyang pagkasuwail. Nang isumpa ng Diyos ang tao, ito ay upang matamo ang isang epekto, at hindi Niya pinatay ang tao. Bagama't isinumpa Niya ang tao, ginawa Niya iyon sa pamamagitan ng mga salita, at ang Kanyang mga sumpa ay hindi totoong sumapit sa tao, sapagkat ang isinumpa ng Diyos ay ang pagkasuwail ng tao, kaya nga ang mga salita ng Kanyang mga sumpa ay sinambit din upang gawing perpekto ang tao. Hinahatulan man ng Diyos ang tao o isinusumpa siya, parehong ginagawa nitong perpekto ang tao: Parehong ginagawa ito upang gawing perpekto yaong hindi dalisay sa kalooban ng tao. Sa pamamagitan ng kaparaanang ito ang tao ay pinipino, at yaong kulang sa kalooban ng tao ay ginagawang perpekto sa pamamagitan ng Kanyang mga salita at gawain. Bawat hakbang ng gawain ng Diyos—masasakit na salita man ito, o paghatol, o pagkastigo—ay ginagawang perpekto ang tao, at talagang angkop. Hindi kailanman nakagawa ng gawain ang Diyos sa lumipas na mga kapanahunan na kagaya nito; sa ngayon, gumagawa Siya sa inyong kalooban kaya napahalagahan ninyo ang Kanyang karunungan. Bagama't nagtiis na kayo ng kaunting pagdurusa sa inyong kalooban, matatag at payapa ang inyong puso; inyong biyaya ang matamasa ang yugtong ito ng gawain ng Diyos. Anuman ang magagawa ninyong makamit sa hinaharap, lahat ng inyong nakikita sa gawain ng Diyos sa inyo sa ngayon ay pag-ibig. Kung hindi

nararanasan ng tao ang paghatol at pagpipino ng Diyos, ang kanyang mga kilos at sigla ay laging mananatiling paimbabaw, at ang kanyang disposisyon ay laging mananatiling hindi nagbabago. Maibibilang ba ito na nakamit ka na ng Diyos? Sa ngayon, bagama't matindi pa rin ang kayabangan at kapalaluan sa kalooban ng tao, mas matatag na ang disposisyon ng tao kaysa rati. Pinakikitunguhan ka ng Diyos upang iligtas ka, at bagama't maaari kang makadama ng kaunting pasakit sa panahong iyon, darating ang araw na magkakaroon ng pagbabago sa iyong disposisyon. Sa oras na iyon, aalalahanin mo ang nakalipas at makikita mo kung gaano karunong ang gawain ng Diyos, at sa oras na iyon ay magagawa mong tunay na maunawaan ang kalooban ng Diyos. Sa ngayon, may ilang taong nagsasabi na nauunawaan nila ang kalooban ng Diyos, ngunit hindi iyon masyadong makatotohanan, sa katunayan mga kasinungalingan ang sinasabi nila, dahil sa kasalukuyan ay hindi pa nila nauunawaan kung ang kalooban ng Diyos ay upang iligtas ang tao o isumpa ang tao. Marahil ay hindi mo malinaw na nakikita ito sa ngayon, ngunit darating ang araw na makikita mo na dumating na ang araw ng pagluwalhati sa Diyos, at makikita mo kung gaano kamakabuluhan ang mahalin ang Diyos, kaya mauunawaan mo ang buhay ng tao at ang iyong laman ay mabubuhay sa mundo ng pagmamahal sa Diyos, kaya ang iyong espiritu ay lalaya, ang iyong buhay ay mapupuno ng galak, at lagi kang magiging malapit sa Diyos at aasa sa Kanya. Sa oras na iyon, tunay mong malalaman kung gaano kahalaga ang gawain ng Diyos sa ngayon.

Hinango mula sa "Sa Pagdanas Lamang ng Masasakit na Pagsubok Mo Malalaman ang Pagiging Kaibig-ibig ng Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Lahat kayo ay naninirahan sa isang lupain ng kasalanan at kahalayan, at lahat kayo ay mahalay at makasalanan. Ngayon ay hindi lamang ninyo nakikita ang Diyos, kundi ang mas mahalaga, natanggap ninyo ang pagkastigo at paghatol, natanggap ninyo ang tunay na malalim na pagliligtas, ibig sabihin, natanggap ninyo ang pinakadakilang pagmamahal ng Diyos. Sa lahat ng Kanyang ginagawa, totoong mapagmahal ang Diyos

sa inyo. Wala Siyang masamang layon. Dahil sa inyong mga kasalanan kaya Niya kayo hinahatulan, upang suriin ninyo ang inyong sarili at tanggapin ang napakalaking pagliligtas na ito. Lahat ng ito ay ginagawa para gawing ganap ang tao. Mula simula hanggang wakas, ginagawa na ng Diyos ang Kanyang buong makakaya upang iligtas ang tao, at wala Siyang hangaring ganap na wasakin sa Kanyang sariling mga kamay ang mga taong Kanyang nilikha. Ngayon, naparito Siya sa inyo upang gumawa, at hindi ba mas dakila pa ang pagliligtas na ito? Kung kinamuhian Niya kayo, gagawa pa ba Siya ng gayon kalaking gawain upang personal kayong gabayan? Bakit Niya kailangang magdusa nang gayon? Hindi kayo kinamumuhian ng Diyos o wala Siyang anumang masamang layon sa inyo. Dapat ninyong malaman na ang pagmamahal ng Diyos ang pinakatotoong pagmamahal. Dahil lamang sa suwail ang mga tao kaya Niya sila kailangang iligtas sa pamamagitan ng paghatol; kung hindi dahil dito, imposible silang mailigtas. Dahil hindi ninyo alam kung paano mamuhay at ni wala kayong malay kung paano mabuhay, at dahil kayo ay nabubuhay sa mahalay at makasalanang lupaing ito at kayo mismo ay mahalay at maruming mga diyablo, hindi Niya matiis na hayaan kayong maging mas masama, hindi Niya matiis na makita kayong nabubuhay sa maruming lupaing ito tulad ngayon, na tinatapak-tapakan ni Satanas kung kailan nito gusto, at hindi Niya matiis na hayaan kayong mahulog sa Hades. Nais lamang Niyang maangkin ang grupong ito ng mga tao at lubusan kayong iligtas. Ito ang pangunahing layunin ng paggawa ng gawain ng panlulupig sa inyo—para lamang ito sa pagliligtas. Kung hindi mo makita na lahat ng ginawa sa iyo ay pagmamahal at pagliligtas, kung iniisip mo na isa lamang itong pamamaraan, isang paraan upang pahirapan ang tao, at isang bagay na hindi mapagkakatiwalaan, mas mabuti pang bumalik ka na sa iyong mundo upang magdanas ng pasakit at paghihirap! Kung handa kang mapasama sa daloy na ito, at masiyahan sa paghatol na ito at sa napakalawak na pagliligtas na ito, at matamasa ang lahat ng pagpapalang ito, mga pagpapalang hindi matatagpuan saanman sa mundo ng tao, at matamasa ang pagmamahal na ito, mabuti kung gayon: Mamalagi sa daloy

na ito para tanggapin ang gawain ng panlulupig upang magawa kang perpekto. Ngayon, maaaring nagdaranas ka ng kaunting pasakit at pagpipino dahil sa paghatol ng Diyos, ngunit may halaga at kabuluhan ang pagdanas ng pasakit na ito. Bagama't pinipino at walang-awang inilalantad ang mga tao sa pagkastigo at paghatol ng Diyos—na ang layon ay parusahan sila para sa kanilang mga kasalanan, parusahan ang kanilang laman—wala sa gawaing ito ang nilayong isumpa ang kanilang laman hanggang sa mawasak. Ang matitinding pagsisiwalat ng salita ay para lahat sa layunin na akayin ka sa tamang landas. Personal na ninyong naranasan ang napakarami sa gawaing ito at, malinaw, hindi kayo naakay nito sa isang masamang landas! Lahat ay upang maisabuhay mo ang normal na pagkatao, at magagawa ang lahat ng ito ng iyong normal na pagkatao. Bawat hakbang ng gawain ng Diyos ay batay sa iyong mga pangangailangan, ayon sa iyong mga kahinaan, at ayon sa iyong aktwal na tayog, at walang pasaning ibinigay sa inyo na hindi ninyo kakayanin. Hindi ito malinaw sa iyo ngayon, at pakiramdam mo ay parang pinahihirapan kita, at totoong palagi kang naniniwala na kaya kita kinakastigo, hinahatulan at pinagagalitan araw-araw ay dahil kinamumuhian kita. Ngunit kahit ang dinaranas mo ay pagkastigo at paghatol, ang totoo ay pagmamahal ito sa iyo, at ito ang pinakamalaking proteksyon.

Hinango mula sa "Ang Katotohanang Nakapaloob sa Gawain ng Panlulupig (4)" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang pag-ibig ng Diyos sa tao ay hindi tulad ng inaakala ng mga tao, hindi lamang ito pagwiwika ng mga salitang magandang pakinggan, o mga salita ng pagbabasbas. Sa kasalukuyang gawain ng Diyos, may ilang mga salitang tiyak na hindi umaayon sa kagustuhan ng mga tao, mga salitang tumatagos pa nga sa kanilang puso at nagdudulot ng sakit. Ang ilang mapanghusgang mga salita ay tila nagbabansag sa mga tao at sumusumpa sa kanila, ngunit mayroong tunay na konteksto dito. Ganap na naaayon ang mga salitang ito sa mga katotohanan, at walang labis sa mga ito: Nagsasalita ang Diyos batay sa tiwaling diwa ng mga tao, at dapat

itong danasin ng mga tao sa isang panahon upang maunawaan ito. Ang layunin ng Diyos sa pagsasabi ng mga bagay na ito ay upang baguhin at iligtas ang mga tao. Sa pagsasalita lamang sa ganitong paraan nagagawa Niyang kamtin ang pinakamahahalagang resulta. Dapat mong makita na ang mabubuting intensyon ng Diyos ay lubusang idinisenyo upang iligtas ang mga tao at isinasakatawan ng lahat ng ito ang pag-ibig ng Diyos. Kung ito man ay tinitingnan mo mula sa pananaw ng karunungan ng gawain ng Diyos, mula sa pananaw ng mga hakbang at mga pamamaraan ng gawain ng Diyos, o mula sa pananaw ng tagal ng gawain o ng eksaktong pagsasaayos at mga plano—lahat ng mga ito ay kinapapalooban ng pag-ibig Niya. Halimbawa, lahat ng mga tao ay may pagmamahal sa kanilang mga anak na lalaki at babae; upang makalakad ang kanilang mga anak sa tamang landas, silang lahat ay naglalaan ng matinding pagsisikap. Kapag nadiskubre nila ang mga kahinaan ng mga anak nila, nag-aalala ang mga magulang na kung sila ay magsasalita nang marahan, hindi makikinig ang mga anak nila at hindi mababago, at nag-aalala sila na kapag nagsalita sila nang sobrang mabagsik, masasaktan nila ang pagpapahalaga ng kanilang mga anak sa kanilang sarili, at hindi ito makakayanan ng mga anak nila. Ang lahat ng ito ay ginagawa dahil sa pag-ibig at malaking pagsisikap ang iginugugol. Kayo na mga anak na lalaki at babae ay maaaring nakaranas ng pag-ibig ng inyong mga magulang. Hindi lamang kaamuan at konsiderasyon ang nakapaloob sa pag-ibig; lalong higit, nakapaloob dito ang mahigpit na pagtutuwid. Sa kaibabawan nito, lahat ng ginagawa ng Diyos para sa sangkatauhan ay dahil sa pag-ibig. Siya ay gumagawa sa ilalim ng patiunang kundisyon ng pag-ibig, na siyang dahilan kung bakit ginagawa Niya ang Kanyang sukdulang kakayahan para dalhin ang kaligtasan sa tiwaling sangkatauhan. Hindi Siya nakikitungo sa mga tao nang paimbabaw; gumagawa Siya ng mga tiyak na plano, at isinasakatuparan ang mga ito nang isa-isang hakbang. Pagdating sa kung kailan, saan, kung anong tono ng boses, paraan ng pagsasalita, at kung gaanong pagsisikap ang Kanyang ibinubuhos…., masasabi na ang lahat ng ito ay naghahayag ng Kanyang pag-ibig, at lahat ito ay lubos na

nagpapaliwanag na ang pag-ibig Niya para sa sangkatauhan ay walang limitasyon at hindi nasusukat. At maraming tao ang nagsasabi ng mapaghimagsik na mga salita kapag sila ay nasa gitna ng mga pagsubok at naglalabas sila ng mga hinaing. Ngunit hindi nakikipagtalo ang Diyos tungkol sa mga bagay na ito, at tiyak na hindi Niya pinaparusahan ang mga tao dahil dito. Dahil mahal Niya ang mga tao, pinapatawad Niya ang lahat. Kung ang mayroon lang Siya ay pagkamuhi sa halip na pag-ibig, kinondena na sana Niya ang mga tao noon pa man. Dahil ang Diyos ay pag-ibig, hindi Siya nakikipag-away, kundi nagpaparaya Siya, at naoobserbahan Niya ang mga paghihirap ng mga tao. Ito ay lubos na paggawa ng lahat ng bagay sa ilalim ng impluwensya ng pag-ibig. Ang Diyos lamang ang nakakaunawa sa mga tao—kahit ikaw ay hindi nakakaunawa sa iyong sarili. Hindi ba tama iyon? Magbalik-tanaw nang mabuti: May mga nagrereklamo tungkol dito at doon, at ang mga tao ay hindi makatuwiran, at nabubuhay sila dahil sa mga pagpapala ng Diyos ngunit hindi man lang nila ito nalalaman. Walang nakakaalam kung gaano kahirap ang dinanas ng Diyos sa pagpunta sa lupa mula sa langit. Naging isang tao ang Diyos, Siya na napakarangal at dakila—Kay laki ng sakit na dinanas Niya upang maging isang hindi mahalaga at mapagpakumbabang tao na nagtiis ng gayong kahihiyan! ... Nagagawa ng Diyos ang gawaing ito ngayon dahil ang Kanyang plano sa pamamahala ay umabot sa yugtong ito; hindi Niya ililigtas ang sangkatauhan kung hindi Niya mahal ang sangkatauhan, at pag-ibig ang tanging nag-udyok sa Kanya, sa ilalim ng paunang kondisyon na pag-ibig kaya ganito ang Kanyang ginagawa. Ang pagdurusa ng Diyos ng napakatinding kahihiyan sa pagiging laman upang iligtas ang tiwaling sangkatauhan ay kumpletong katibayan kung gaano kadakila ang Kanyang pag-ibig.

Sa pagitan ng mga linya sa mga salita ng Diyos ay mayroong pangaral, kaginhawahan, pampalakas ng loob, pagpapaubaya, pagtitiyaga, paghatol, pagkastigo, sumpa, paghahayag sa publiko, maluwalhating mga pangako, at marami pa. Ang bawat paraan Niya ay pinamamahalaan ng pag-ibig; ito ang diwa ng Kanyang gawain. Lahat kayo ay may pag-unawa

ngayon, bagaman hindi ito ganoon kalalim. Ngunit kahit papaano, may mga bagay kayong nararamdaman. Paglaon, kapag nakaranas na kayo sa loob ng tatlo o limang taon, madarama ninyo kung gaano kalalim at kadakila ang pag-ibig na ito, kung paanong higit pa ito sa anumang paglalarawan sa wika ng tao. Kung ang mga tao ay walang pag-ibig sa Diyos, paano nila masusuklian ang Kanyang pag-ibig? Kahit pa ibigay mo ang iyong buhay, hindi mo pa rin kayang suklian ang pag-ibig ng Diyos. Kung makakaranas kayo sa susunod na mga taon, malalaman ninyo kung ano ang pag-ibig, at babalikan ninyo ang inyong disposisyon at kung ano ang naipapamalas sa inyo ngayon, at madarama ninyo ang lubos na pagsisisi, at luluhod kayo sa harap ng Diyos. Ngayon, bakit karamihan ng tao ay sumusunod nang mabuti at masigasig sa Diyos? Sapagkat alam nila ang pag-ibig ng Diyos, at nakikita nilang ang gawain ng Diyos ay ang kaligtasan ng tao. Pag-isipan ito: Hindi ba't nakakamanghang tamang-tama ang tiyempo ng gawain ng Diyos? Ang Kanyang gawain ay nagpapatuloy mula sa isang yugto papunta sa isa pa nang walang anumang pagkaantala—at bakit hindi Niya hinahayaan ang anumang pagkaantala? Para sa kapakanan ng tao. Ayaw Niyang magsakripisyo ng kahit isang kaluluwa, at ayaw Niyang mawalan pa ng kahit isang kaluluwa; samantala, ang tao ay hindi nagmamalasakit para sa sarili niyang kapalaran. Kaya sino ang pinakanagmamahal sa iyo sa mundong ito? Hindi mo mahal ang iyong sarili, hindi mo alam kung paano mahalin o pahalagahan ang sarili mong buhay—ang Diyos ang may pinakadakilang pag-ibig sa tao. Maaaring walang-malay ang mga tao dito, at maaaring iniisip nilang mahal nila ang kanilang sarili—ngunit ano nga bang uri ng pagmamahal ang mayroon sila para sa kanilang sarili? Tanging pag-ibig ng Diyos ang pag-ibig na dalisay. Sa pagpapatuloy, dahan-dahan mong mapahahalagahan kung ano ang tunay pag-ibig. Hindi magiging madali para sa mga tao na tunay na makilala ang pag-ibig ng Diyos kung hindi nagkatawang-tao ang Diyos upang gumawa at gumabay sa tao nang harapan, pagdaanan ang araw at gabi kasama ng tao, at mamuhay kasama ang tao.

Hinango mula sa "Nauunawaan Mo ba ang Pag-ibig ng Diyos sa Sangkatauhan?" sa Mga

Ang pag-ibig ng Diyos ay hindi ang uri ng pagmamahal na maiisip ng talino ng tao. Hindi kayang isipin ng mga tao ang pag-ibig na ito, hindi dapat nila ginagamit ang pag-aaral at kaalaman upang mabigyang kahulugan ang salitang ito, sa halip ay dapat gumamit ng ibang pamamaraan upang pahalagahan at maranasan ito. Sa huli, nauunawaan mong tunay na ang pag-ibig ng Diyos ay naiiba sa pag-ibig na sinasabi ng mga makamundong tao, na ang totoong pag-ibig ng Diyos ay hindi katulad ng anupaman, hindi katulad ng naiintindihang pag-ibig ng buong sangkatauhan. Kaya't ano ang pag-ibig na ito ng Diyos? Una hindi mo dapat ito gamitan ng mga kuro-kuro at haka-haka ng tao. Isipin ang pagmamahal ng isang ina, halimbawa: Ang pagmamahal ng isang ina sa kanyang mga anak ay walang pasubali, makalinga ito at mainit. Sa ngayon, ang pag-ibig ba ng Diyos sa tao na nararamdaman ninyo ay may parehong antas ng pakiramdam at kahulugan tulad ng pagmamahal ng isang ina? (Oo.) Kung gayon ito ay isang problema—mali ito. Dapat mong makilala ang pag-ibig ng Diyos mula sa pag-ibig ng mga magulang, ng asawang lalaki, asawang babae, o mga anak, ng iyong kamag-anak, mula sa pag-aalala ng mga kaibigan, at makilala muli ang pag-ibig ng Diyos. Ano lang ang pag-ibig ng Diyos? Ang pag-ibig ng Diyos ay walang emosyon at hindi naaapektuhan ng mga ugnayan ng dugo. Ito ay pag-ibig na dalisay at simple. Kaya paano dapat maunawaan ng mga tao ang pag-ibig ng Diyos? Bakit tayo naparito upang talakayin ang pag-ibig ng Diyos? Ang pag-ibig ng Diyos ay nakapaloob sa gawain ng Diyos, upang makilala ito ng mga tao, tanggapin, at maranasan, at sa huli ay mapagtanto na ito ang pag-ibig ng Diyos, at kilalaning hindi ito mga salitang walang laman, ni ilang uri ng pag-uugali sa bahagi ng Diyos, ngunit ang katotohanan. Kapag tinanggap mo ito bilang katotohanan, nakikilala mula rito ang aspetong ito ng kakanyahan ng Diyos. Kung ituturing mo ito na parang uri ng pag-uugali, mahihirapan kang kilalanin ito. Ano ang ibig sabihin ng "pag-uugali"? Isipin ang mga ina, halimbawa: Ibinibigay nila ang kanilang kabataan, kanilang dugo, kanilang

pawis at luha upang mapalaki ang kanilang mga anak, ibinibigay nila ang anumang nais nila, tama man o mali ang gawin nila, o anumang landas ang kanilang tahakin. Nagbibigay ang ina nang walang pag-iimbot, hindi nagtuturo, tumutulong o ginagabayan ang anak sa paglalakad sa tamang landas, walang sawang pag-aalaga, pagmamahal at pagprotekta sa kanila, hanggang sa huli na hindi masabi ng bata ang tama sa mali. Ito ang pag-ibig ng isang ina o anumang uri ng pag-ibig na ipinanganak sa mainit na dugo, mga emosyon, at relasyong maka-laman ng tao. Samantala, ang pag-ibig ng Diyos, ay ang eksaktong kabaligtaran: Kung mahal ka ng Diyos, ipinapahayag Niya ito sa pamamagitan ng madalas na pagkastigo at pagdidisiplina sa iyo, sa pamamagitan ng pagtatabas at pakikitungo sa iyo. Maaaring hindi nito gawing komportable ang mga bagay para sa iyo, maaaring lumipas ang iyong mga araw sa gitna ng pagpaparusa at disiplina, ngunit kapag maranasan mo ito, matutuklasan mong marami kang natutuhan, na maaari kang magkaroon ng pag-unawa at talino pagdating sa pakikipag-ugnay sa ibang mga tao, at may mga katotohanan ka na ring nauunawaan. Kung ang pag-ibig ng Diyos ay tulad ng pag-ibig ng ina o ama, tulad ng naiisip mo, kung Siya ay masigasig sa pangangalaga sa Kanya, at palaging walang pasubali, matatamo mo ba ang mga bagay na ito? Hindi. At sa gayon, dapat tingnan ng mga tao kung ano ang ipinakita ng pag-ibig ng Diyos sa Kanyang gawain mula sa pananaw ng katotohanan, at sa loob nito, dapat nilang hanapin ang katotohanan. Kung hindi nila hanapin ang katotohanan, paanong ang isang tiwali ay mananawagan, mula sa kawalan, ng pag-unawa sa kung ano ang pag-ibig ng Diyos, ano ang layunin ng Kanyang gawain sa tao, at saan nakasalalay ang Kanyang mapag-isip na hangarin? Hindi maunawaan ng mga tao ang mga bagay na ito. Nauugnay ito sa isang bahagi ng gawain ng Diyos, isang aspeto ng diwa ng Diyos na malamang hindi mauunawaan ng tao, at mahihirapa silang unawain at pahalagahan; ito ang maaring salihan ng mga tao nang malalim, mariin, at praktikal. Sa pangkalahatan, ang pag-ibig ay nangangahulugang pagbibigay sa mga tao ng gusto nila, hindi pagbibigay sa kanila ng bagay na mapait kapag gusto nila ng bagay

na matamis, o pagbibigay sa kanila ng bagay na mapait upang malunasan ang isang karamdaman; sa madaling sabi, may kasama itong pagkamakasarili, emosyon at mainit na dugo, ng tao; may kasama itong isang aspeto ng mga hangarin at pagganyak. Ngunit anuman ang gawin sa iyo ng Diyos, kahit na mali ang pagkakaunawa mo sa Kanya, at nagrereklamo pa tungkol sa Kanya sa iyong puso, ang Diyos, na may hindi nagbabagong pasensya, ay patuloy na kikilos sa iyo. Ano ang pinakalayunin ng Diyos sa pagkilos ng ganito? Ginagamit niya ang pamamaraang ito upang gisingin ka, o dumating ang araw kung kailan mauunawaan mo ang kalooban ng Diyos—ngunit kapag nakita ng Diyos ang kahihinatnang iyon, wala naman Siyang nakuha. At bakit ko nasasabi ito? Sapagkat ang lahat sa iyo ay nagmula sa Diyos. Hindi kailangang makakuha ng anuman ang Diyos. Ang kailangan lang Niya ay sundin mo nang maayos at makapasok alinsunod sa kung ano ang Kanyang hinihingi habang ginagawa Niya ang Kanyang gawain, upang maisabuhay sa huli ang katotohanag realidad, upang mabuhay na may wangis ng tao, at hindi na malinlang, maligaw, at matukso ni satanas, upang matalikuran mo satanas, sumunod at matakot sa Diyos, upang makuha ka ng Diyos, at ang Kanyang dakilang gawain ay tapos na. Ito ang pag-ibig ng Diyos, at ang gawain ng Diyos.

Hinango mula sa “Sa pamamagitan lamang ng Paglutas ng mga Kuro-kuro Maaaring Makapasok sa Tamang Landas ng Paniniwala sa Diyos (1)” sa Mga Talaan ng mga Pananalita ni Cristo

Kung nais mong makita ang pagmamahal ng Diyos, kung nais mong totoong maranasan ang pagmamahal ng Diyos, dapat kang magtungo, sa gayon, sa kailaliman ng realidad, dapat kang magtungo sa kailaliman ng tunay na buhay at makita na ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay pag-ibig at kaligtasan, na ang lahat ng ginagawa Niya ay upang magawa ng mga tao na iwan ang hindi malinis, at pinuhin ang mga bagay sa loob ng tao na hindi magawang bigyang-lugod ang kalooban ng Diyos. Gumagamit ang Diyos ng mga salita upang makapaglaan sa tao; isinasaayos Niya ang mga

pangyayari sa tunay na buhay upang maranasan ng mga tao, at kung kumakain at umiinom ang mga tao ng maraming salita ng Diyos, sa gayon, kapag tunay nilang isinasagawa ang mga ito, malulutas nila ang lahat ng hirap sa kanilang buhay gamit ang maraming salita ng Diyos. Na ang ibig sabihin, kailangan mayroon kang mga salita ng Diyos upang makarating nang malalim sa realidad; kung hindi mo kinakain at iniinom ang mga salita ng Diyos, at wala sa iyo ang gawain ng Diyos, sa gayon ay hindi ka magkakaroon ng landas sa tunay na buhay. Kung hindi ka kailanman nakakakain o nakaiinom ng mga salita ng Diyos, malilito ka, sa gayon, kapag may isang bagay na nangyari sa iyo. Alam mo lamang na dapat mong mahalin ang Diyos, ngunit wala kang kakayahan ng anumang pag-iiba-iba at walang landas ng pagsasagawa; naguguluhan at nalilito ka, at kung minsan ay naniniwala ka pa na sa pamamagitan ng pagbibigay kasiyahan sa katawan, ikaw ay nagbibigay ng kasiyahan sa Diyos—na ang lahat ng ito ay bunga ng hindi pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos. Na ang ibig sabihin, kung ikaw ay walang tulong ng mga salita ng Diyos, at nangangapa lamang sa loob ng realidad, sa gayon, ikaw ay walang kakayahan sa simula pa lamang na mahanap ang landas ng pagsasagawa. Ang mga tao na tulad nito ay hindi na lamang nauunawaan kung ano ang ibig sabihin ng paniniwala sa Diyos, lalong hindi nila nauunawaan kung ano ang ibig sabihin ng mahalin ang Diyos. Kung madalas kang manalangin, at magsiyasat, at maghanap, gamit ang kaliwanagan at gabay ng mga salita ng Diyos, at sa pamamagitan nito ay natutuklasan mo ang nararapat mong isagawa, nahahanap ang mga oportunidad para sa gawain ng Banal na Espiritu, tunay na nakikipagtulungan sa Diyos, at hindi naguguluhan at nalilito, magkakaroon ka, sa gayon, ng landas sa tunay na buhay, at totoong magbibigay-lugod sa Diyos. Kapag nabigyang-lugod mo na ang Diyos, magkakaroon sa loob mo ng gabay ng Diyos, at natatangi kang pagpapalain ng Diyos, na magbibigay sa iyo ng pakiramdam ng kasiyahan: Mararamdaman mo na tangi mong ikinararangal na nabigyang-lugod mo ang Diyos, mararamdaman mo na natatangi kang masigla sa kalooban, at magiging maaliwalas at mapayapa ka sa iyong puso. Pagiginhawain ang

iyong budhi at malaya sa mga paratang, at makararamdam ka ng kaaya-ayang kalooban kapag nakita mo ang iyong mga kapatid. Ito ang ibig sabihin ng pagtamasa sa pag-ibig ng Diyos, at ito lamang ang totoong pagtamasa sa Diyos. Ang pagtamasa ng mga tao sa pag-ibig ng Diyos ay nakakamit sa pamamagitan ng karanasan: Sa pagdanas ng hirap, at pagdanas ng pagsasagawa ng katotohanan, nakakamit nila ang mga pagpapala ng Diyos. Kung sinasabi mo lamang na mahal ka talaga ng Diyos, na ang Diyos ay nagbayad ng malaking halaga alang-alang sa mga tao, na Siya ay matiyaga at masuyong nangungusap ng maraming salita, at laging inililigtas ang mga tao, ang iyong pagbigkas ng mga salitang ito ay isang bahagi lamang ng pagkalugod ng Diyos. Ngunit ang higit na kaluguran—ang tunay na kaluguran—ay kapag isinasagawa ng mga tao ang katotohanan sa kanilang tunay na buhay, pagkaraan ay mapayapa sila at maaliwalas sa kanilang mga puso. Nadarama nila ang lubhang pagkaantig ng kalooban at nadarama na ang Diyos ay lubos na kaibig-ibig. Madarama mo na ang halagang iyong naibayad ay higit pa sa patas. Sapagkat nakapagbayad nang malaking halaga sa iyong mga pagsusumikap, mamumukod kang masigla sa kalooban: Mararamdaman mo na tunay kang nasisiyahan sa pagmamahal ng Diyos, at nauunawaan mo na nagawa na ng Diyos ang gawain ng kaligtasan sa mga tao, na ang Kanyang pagpipino sa mga tao ay upang dalisayin sila, at sinusubok ng Diyos ang mga tao upang masuri kung tunay nga Siyang minamahal ng mga ito. Kung lagi mong isinasagawa ang katotohanan sa ganitong paraan, unti-unti kang makabubuo, sa gayon, ng isang malinaw na kabatiran ng lawak ng gawain ng Diyos, at sa pagkakataong iyon ay mararamdaman mo na ang mga salita ng Diyos na kinakaharap mo ay kasing linaw ng kristal. Kung kaya mong malinaw na maunawaan ang maraming katotohanan, mararamdaman mo na ang lahat ng bagay ay madaling maisagawa, na makakaya mong pangibabawan ang anumang usapin at pangibabawan ang anumang tukso, at makikita mo na walang anumang suliranin para sa iyo, na higit na magliligtas at magpapalaya sa iyo. Sa sandaling ito, matatamasa mo ang pagmamahal ng Diyos, at ang tunay na pagmamahal

ng Diyos ay darating sa iyo. Pinagpapala ng Diyos ang mga taong may mga pananaw, may katotohanan, may kaalaman, at tunay na nagmamahal sa Kanya. Kung nais ng mga tao na mamasdan ang pag-ibig ng Diyos, dapat nilang isagawa ang katotohanan sa tunay na buhay, dapat handa sila na tiisin ang sakit at talikuran ang kanilang minamahal upang malugod ang Diyos, at sa kabila ng mga luha sa kanilang mga mata, dapat pa rin nilang magawa na magbigay-lugod sa puso ng Diyos. Sa ganitong paraan, tiyak na pagpapalain ka ng Diyos, at kung matitiis mo ang paghihirap tulad nito, susundan ito ng gawain ng Banal na Espiritu. Sa pamamagitan ng tunay na buhay, at sa pamamagitan ng pagdanas sa mga salita ng Diyos, magagawang makita ng mga tao ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos, at kapag nalasap lamang nila ang pagmamahal ng Diyos ay saka nila tunay Siyang mamahalin.

Higit mong isinasagawa ang katotohanan, higit kang mag-aangkin ng katotohanan; higit mong isinasagawa ang katotohanan, higit kang magtataglay ng pag-ibig ng Diyos; at higit mong isinasagawa ang katotohanan, higit kang pagpapalain ng Diyos. Kung lagi kang nagsasagawa sa ganitong paraan, unti-unting magagawa ng pag-ibig ng Diyos na makakita ka, tulad nang makilala ni Pedro ang Diyos: Sinabi ni Pedro na ang Diyos ay hindi lamang nagtataglay ng karunungang lumikha ng mga kalangitan at kalupaan at lahat ng bagay, ngunit, higit pa rito, may karunungan din Siya na gawin ang tunay na gawain sa mga tao. Sinabi ni Pedro na hindi lamang Siya karapat-dapat sa pag-ibig ng mga tao dahil sa Kanyang paglikha ng mga kalangitan at kalupaan at ng lahat ng bagay, ngunit, higit pa rito, dahil sa Kanyang kakayahang lumikha ng tao, iligtas ang tao, gawing perpekto ang tao, at ibigay ang Kanyang pag-ibig sa tao. Kaya sinabi rin ni Pedro na maraming taglay Niya ang karapat-dapat sa pag-ibig ng tao. Sinabi ni Pedro kay Jesus: “Ang paglikha ba ng mga kalangitan at kalupaan at lahat ng mga bagay ang tanging dahilan upang maging karapat-dapat Ka sa pag-ibig ng mga tao? Marami pang tinataglay Mo ang kaibig-ibig. Gumaganap at kumikilos Ka sa tunay na buhay, inaantig ng Iyong Espiritu ang kalooban ko, dinidisiplina Mo ako, sinasaway

Mo ako—higit pang karapat-dapat ang mga bagay na ito sa pag-ibig ng mga tao.” Kung nais mong makita at maranasan ang pag-ibig ng Diyos, kung gayon ay dapat mong tuklasin at hanapin ang tunay na buhay at dapat maging handang isaisantabi ang iyong sariling laman. Dapat mong gawin ang kapasyahang ito. Dapat kang maging isang taong may paninindigan na magagawang magbigay-lugod sa Diyos sa lahat ng bagay, nang hindi nagiging tamad o nagnanasa sa mga kasiyahan ng laman, nang hindi nabubuhay para sa laman bagkus ay nabubuhay para sa Diyos. Maaaring may mga pagkakataon na hindi mo nabibigyang-lugod ang Diyos. Iyon ay dahil sa hindi mo nauunawaan ang kalooban ng Diyos; sa susunod, mangailangan man ito ng higit pang pagsisikap, dapat mo Siyang bigyang-lugod at hindi dapat bigyang kasiyahan ang laman. Kapag naranasan mo ito sa ganitong paraan, makikilala mo na ang Diyos. Makikita mo na kayang likhain ng Diyos ang mga kalangitan at kalupaan at lahat ng mga bagay, na Siya ay nagkatawang-tao upang tunay Siyang makita ng mga tao at tunay na makisalamuha sa Kanya; makikita mo na magagawa Niyang lumakad kasabay ng mga tao, na makakaya ng Kanyang Espiritu na gawing perpekto ang mga tao sa tunay na buhay, tinutulutan silang makita ang Kanyang pagiging kaibig-ibig at danasin ang Kanyang pagdidisiplina, ang Kanyang pagpaparusa, at ang Kanyang mga biyaya. Kung lagi kang nakadaranas sa ganitong paraan, hindi ka mawawalay sa Diyos sa tunay na buhay, at kung isang araw ang ugnayan mo sa Diyos ay tumigil nang maging normal, magagawa mong tiisin ang paninisi at makaramdam ng pagsisisi. Kung may normal kang relasyon sa Diyos, hindi mo na nanaisin kailanman na iwan ang Diyos, at kung dumating ang araw na sabihin ng Diyos na iiwan ka Niya, matatakot ka, at sasabihin na nanaisin mo pang mamatay kaysa iwan ng Diyos. Sa sandaling may ganito kang mga damdamin, mararamdaman mo na wala kang kakayahang lisanin ang Diyos, at sa ganitong paraan, magkakaroon ka ng isang pundasyon, at tunay na matatamasa ang pag-ibig ng Diyos.

Hinango mula sa “Ang mga Nagmamahal sa Diyos ay Mabubuhay Magpakailanman sa Kanyang Liwanag” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kapag nagagawa mong tunay na pahalagahan ang mga kaisipan at saloobin ng Diyos tungo sa sangkatauhan, kapag tunay mong nauunawaan ang mga emosyon at malasakit ng Diyos para sa bawa't nilalang, mauunawaan mo ang debosyon at ang pagmamahal na ginugol sa bawa't isa sa mga taong nilikha ng Lumikha. Kapag nangyari ito, gagamitin mo ang dalawang salita upang isalarawan ang pag-ibig ng Diyos. Ano ang dalawang salitang iyon? Sinasabi ng ilang tao na "di-makasarili," at ang ilang tao ay sinasabing "mapagkawanggawa." Sa dalawang ito, ang "mapagkawanggawa" ang salitang pinaka-di-naaangkop upang ilarawan ang pag-ibig ng Diyos. Isang salita ito na ginagamit ng mga tao upang ilarawan ang isang taong may magandang kalooban o malawak na pag-iisip. Kinasusuklaman Ko ang salitang ito, sapagka't tumutukoy ito sa pamumudmod ng kawanggawa kahit kanino, nang walang itinatangi, nang walang pagsasaalang-alang para sa prinsipyo. Ito ay isang masyadong madamdamin pagkahilig, na karaniwan sa mga taong hangal at nalilito. Kapag ang salitang ito ay ginamit upang ilarawan ang pag-ibig ng Diyos, mayroong di-maiiwasang mapamusong kahulugan. Mayroon Ako ritong dalawang salita na mas angkop na naglalarawan sa pag-ibig ng Diyos. Ano ang mga ito? Ang una ay ang "napakalaki." Hindi ba lubos na nakaaantig ang salitang ito? Ang ikalawa ay ang "napakalawak." Mayroong tunay na kahulugan sa likod ng mga salitang ito na Aking ginamit upang ilarawan ang pag-ibig ng Diyos. Kapag inintindi nang literal, ang "napakalaki" ay naglalarawan sa laki o kapasidad, nguni't gaano man kalaki ang bagay na iyon, isang bagay ito na mahahawakan at makikita ng mga tao. Dahil umiiral ito—hindi ito isang bagay na malabo, bagkus ay isang bagay na makapagbibigay sa mga tao ng mga ideya sa medyo tumpak at praktikal na paraan. Tingnan mo man ito mula sa pananaw na may dalawa o tatlong dimensiyon, hindi mo kailangang isipin ang pag-iral nito, sapagka't ito ay isang bagay na talagang umiiral sa tunay na paraan. Bagaman ang paggamit ng salitang, "napakalaki," upang ilarawan ang pag-ibig ng Diyos ay tila pagsukat sa Kanyang pag-ibig, ibinibigay rin nito ang damdamin na hindi nasusukat ang Kanyang pag-ibig. Sinasabi Ko na ang pag-ibig ng

Diyos ay masusukat sapagka't hindi hungkag ang Kanyang pag-ibig, at hindi rin ito isang alamat. Sa halip, isang bagay ito na pinaghahati-hatian ng lahat ng bagay sa ilalim ng pamumuno ng Diyos, isang bagay na tinatamasa ng lahat ng nilalang sa magkakaibang antas at mula sa iba't ibang pananaw. Bagaman hindi ito nakikita o nahahawakan ng mga tao, ang dinadala ng pag-ibig na ito ang panustos at buhay sa lahat ng bagay habang ito ay ibinubunyag, nang unti-unti, habang sila ay nabubuhay, at nabibilang sila at nagpapatotoo sa pag-ibig ng Diyos na tinatamasa nila sa bawa't isang sandali. Sinasabi Ko na ang pag-ibig ng Diyos ay hindi masusukat sapagka't ang hiwaga ng pagtutustos at pangangalaga ng Diyos sa lahat ng bagay ay isang bagay na mahirap para sa mga tao na maarok, kagaya ng mga kaisipan ng Diyos para sa lahat ng bagay, at lalo na yaong para sa sangkatauhan. Ibig sabihin, walang sinuman ang nakaaalam sa dugo at mga luha na ibinuhos ng Lumikha para sa sangkatauhan. Walang sinuman ang makaiintindi, walang sinuman ang makauunawa sa lalim o bigat ng pag-ibig na mayroon ang Lumikha para sa sangkatauhan na nilikha Niya gamit ang Kanyang sariling mga kamay. Ang paglalarawan sa pag-ibig ng Diyos bilang napakalaki ay upang tulungan ang mga tao na pahalagahan at maunawaan ang laki nito at ang katotohanan ng pag-iral nito. Ito rin ay upang mas malalim na maiintindihan ng mga tao ang tunay na kahulugan ng salitang "Lumikha," at nang ang mga tao ay makapagkamit ng mas malalim na pagkaunawa sa tunay na kahulugan ng katawagang, "paglikha." Ano ang madalas na inilalarawan ng salitang "napakalawak"? Ito ay karaniwang ginagamit upang ilarawan ang karagatan o ang sansinukob, halimbawa: "ang napakalawak na sansinukob," o "ang napakalawak na karagatan." Ang kalawakan at ang tahimik na kalaliman ng sansinukob ay lampas sa pagkaunawa ng tao; isang bagay ito na nakabibihag sa imahinasyon ng tao, isang bagay na lubos nilang hinahangaan. Ang hiwaga at kalaliman nito ay abot-tanaw, nguni't hindi maaabot. Kapag iniisip mo ang karagatan, iniisip mo ang kalaliman nito—mukha itong walang hangganan, at nararamdaman mo ang kahiwagaan at ang napakalaking kapasidad nito na magtaglay ng mga

bagay. Ito ang dahilan kung bakit ginamit Ko ang salitang “napakalawak” upang ilarawan ang pag-ibig ng Diyos, upang tulungan ang mga taong madama kung gaano ito kahalaga, na madama ang malalim na kagandahan ng Kanyang pag-ibig, at na ang kapangyarihan ng pag-ibig ng Diyos ay walang hanggan at napakalawak. Ginamit Ko ang salitang ito upang tulungan ang mga tao na madama ang kabanalan ng Kanyang pag-ibig, at ang dignidad at ang pagiging-di-malalabag ng Diyos na naihahayag sa pamamagitan ng Kanyang pag-ibig.

Hinango mula sa “Ang Gawain ng Diyos, ang Disposisyon ng Diyos, at ang Diyos Mismo III” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Talababa:

1. Ang “mga pamiminsala” ay ginagamit upang ilantad ang pagsuway ng sangkatauhan.

172. Ang mga Prinsipyo ng Pagganti sa Pag-ibig ng Diyos

(1) Habang sumasailalim ka sa paghatol at pagkastigo ng Diyos at nakikilala ang iyong sariling tiwaling diwa, at nakikita ang kadakilaan ng pag-ibig ng Diyos para sa tao, gawin ang lahat ng iyong makakaya upang ibigin Siya;

(2) Nagpapahayag ng katakut-takot na katotohanan ang Diyos at ipinagkakaloob ito sa mga tao upang magsilbing buhay nila; napakalawak ng biyaya ng Kanyang kaligtasan. Maging handang gampanan ng mabuti ang iyong tungkulin upang gantihan ang pag-ibig ng Diyos;

(3) Habang sumasailalim ang tao sa mga pagsubok at pagpipino, pinangangalagaan sila ng Diyos, nakapananatiling matatag sa kanilang patotoo, at natatamasa ang napakalaking kasaganaan ng biyaya ng Diyos; dapat silang maging handang buong buhay at walang hanggang magpatotoo para sa Diyos;

(4) Sa pagdaranas ng gawain ng Diyos, napapadalisay ang katiwalian ng tao, nagbabago ang kanilang disposisyon sa buhay, at nakikita nila ang dakilang kariktan ng Diyos; dapat silang maging handang gugulin ang buong buhay para sa Kanya.

Nauugnay na mga Salita ng Diyos:

Ang ipinagkaloob Ko sa inyo ngayon ay higit pa kay Moises at higit pa kay David, kung kaya't hinihiling Ko na ang inyong patotoo ay malampasan ang kay Moises at ang inyong mga salita ay maging higit pa kay David. Sandaang beses ang Aking ibinibigay sa inyo—kaya't hinihiling Ko rin sa inyo na katumbas noon ang ibalik sa Akin. Dapat ninyong malaman na Ako ang nagkakaloob ng buhay sa sangkatauhan, at kayo ang tumatanggap ng buhay mula sa Akin at dapat magpatotoo sa Akin. Ito ang inyong tungkulin na Aking ipinapadala sa inyo at nararapat ninyong gawin para sa Akin. Ipinagkaloob Ko na sa inyo ang lahat ng Aking kaluwalhatian, ipinagkaloob Ko sa inyo ang buhay na hindi kailanman natanggap ng hinirang na bayan, ang mga Israelita. Kung tutuusin, dapat kayong magpatotoo sa Akin at italaga ang inyong kabataan at ialay ang inyong buhay sa Akin. Ang sinumang pagkalooban Ko ng Aking kaluwalhatian ay dapat na magpatotoo sa Akin at mag-alay ng kanilang buhay para sa Akin. Matagal Ko na itong naitadhana. Mapalad kayo na ipinagkakaloob Ko ang Aking kaluwalhatian sa inyo, at ang inyong tungkulin ay magpatotoo sa Aking kaluwalhatian. Kung maniniwala kayo sa Akin upang magtamo lamang ng mga pagpapala, walang gaanong magiging kabuluhan ang Aking gawain, at hindi ninyo maisasakatuparan ang inyong tungkulin. Ang nakita lamang ng mga Israelita ay ang Aking awa, pag-ibig, at kadakilaan, at ang nasaksihan lamang ng mga Judio ay ang Aking tiyaga at pagtubos. Kaunting-kaunti lamang ang nakita nila sa gawain ng Aking Espiritu; sa puntong ang naunawaan nila ay pawang katiting lang ng narinig at nakita ninyo. Nahigitan ng nakita ninyo maging ang mga pinunong saserdote sa gitna nila. Ang mga katotohanan na inyong naunawaan ngayon ay higit sa kanila; ang nakita ninyo ngayon ay higit pa sa nakita noong Kapanahunan ng Kautusan, pati na rin sa Kapanahunan ng Biyaya, at ang naranasan ninyo ay higit pa maging sa naranasan nina Moises at Elias. Sapagkat ang naunawaan lamang ng mga Israelita ay ang batas ni Jehova, at ang nakita nila ay ang likuran lamang ni Jehova; ang naunawaan lamang ng mga Judio ay ang pagtubos ni Jesus, ang natangap nila ay ang biyaya lamang

na ipinagkaloob ni Jesus, at ang nakita nila ay ang larawan lamang ni Jesus sa loob ng tahanan ng mga Judio. Ang nakikita ninyo ngayon ay ang kaluwalhatian ni Jehova, ang pagtubos ni Jesus, at ang lahat ng Aking mga gawa sa araw na ito. Gayundin, narinig na ninyo ang mga salita ng Aking Espiritu, pinahalagahan ang Aking karunungan, nasaksihan ang Aking kamanghaan, at natutunan ang Aking disposisyon. Nasabi Ko na rin sa inyo ang lahat ng Aking plano ng pamamahala. Ang nasaksihan ninyo ay hindi lamang isang mapagmahal at maawaing Diyos, kundi isang Diyos na puspos ng katuwiran. Nakita na ninyo ang Aking nakamamanghang gawain at nalaman ninyong puno Ako ng kamahalan at poot. Higit pa rito, batid ninyong minsan na Akong nagdala ng Aking nag-aalab na poot sa sambahayan ng Israel, at ngayon, nakarating na ito sa inyo. Higit pa ang nauunawaan ninyo sa Aking mga misteryo sa langit kaysa kina Isaias at Juan; higit pa ang nalalaman ninyo tungkol sa Aking pagiging kaibig-ibig at pagiging kagalang-galang kaysa sa lahat ng banal ng mga nakaraang kapanahunan. Ang natanggap ninyo ay hindi lamang ang Aking katotohanan, ang Aking daan, at ang Aking buhay, kundi isang pangitain at pahayag na higit pa kaysa kay Juan. Naunawaan ninyo ang higit na maraming misteryo, at nasaksihan na rin ang Aking tunay na mukha; higit pa ang natanggap ninyo sa Aking paghatol at higit pa ang nalalaman ninyo tungkol sa Aking matuwid na disposisyon. Kung kaya, kahit na ipinanganak kayo sa mga huling araw, ang inyong pang-unawa ay sa nauna at nakalipas, at naranasan na rin ninyo ang mga bagay sa kasalukuyan, at ang lahat ng ito ay personal Kong ginawa. Hindi labis ang hinihingi Ko sa inyo, sapagkat napakarami Ko nang naibigay sa inyo, at marami na ang nakita ninyo sa Akin. Samakatuwid, hinihiling Ko sa inyong magpatotoo para sa Akin sa mga banal ng mga nagdaang kapanahunan, at ito lamang ang nais ng Aking puso.

Hinango mula sa “Ano ang Alam Mo sa Pananampalataya?” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ang namana ninyo sa araw na ito ay higit pa sa namana ng mga

apostol at propeta sa lahat ng panahon at higit pa sa namana nina Moises at Pedro. Ang mga pagpapala ay hindi matatanggap sa loob ng isa o dalawang araw; ang mga iyon ay kailangang makamtan sa pamamagitan ng malaking sakripisyo. Ibig sabihin, kailangan kayong magtaglay ng pagmamahal na nagdaan na sa pagpipino, kailangan kayong magkaroon ng malaking pananampalataya, at kailangan kayong magkaroon ng maraming katotohanang hinihiling ng Diyos na inyong matamo; bukod pa rito, kailangang bumaling kayo sa katarungan, nang hindi tinatakot o umiiwas, at kailangang magkaroon kayo ng pagmamahal sa Diyos na tuluy-tuloy hanggang kamatayan. Kailangang magkaroon kayo ng determinasyon, kailangang magkaroon ng mga pagbabago sa inyong disposisyon sa buhay, kailangang malunasan ang inyong katiwalian, kailangang tanggapin ninyo ang lahat ng pagsasaayos ng Diyos nang walang reklamo, at kailangang maging masunurin kayo maging hanggang kamatayan. Ito ang dapat ninyong makamit, ito ang panghuling layunin ng gawain ng Diyos, at ito ang hinihiling ng Diyos sa grupong ito ng mga tao. Dahil nagbibigay Siya sa inyo, gayundin naman tiyak na may hihilingin Siya bilang kapalit, at tiyak na hihingi Siya ng akmang mga kahilingan sa inyo. Samakatuwid, may dahilan ang lahat ng gawain ng Diyos, na nagpapakita kung bakit, paulit-ulit, gumagawa ang Diyos ng gawaing nagtatakda ng matataas na pamantayan at mahihigpit na kinakailangan. Ito ang dahilan kaya dapat kayong mapuspos ng pananampalataya sa Diyos. Sa madaling salita, lahat ng gawain ng Diyos ay ginagawa para sa inyong kapakanan, nang sa gayon ay maging karapat-dapat kayong tumanggap ng Kanyang pamana. Hindi ito gaanong para sa kapakanan ng sariling kaluwalhatian ng Diyos kundi para sa kapakanan ng inyong kaligtasan at para sa pagpeperpekto sa grupong ito ng mga tao na lubhang napahirapan sa maruming lupain. Dapat ninyong unawain ang kalooban ng Diyos. Kaya nga, pinapayuhan Ko ang maraming taong mangmang na walang anumang kabatiran o katinuan: Huwag ninyong subukin ang Diyos, at huwag na kayong lumaban. Nagtiis na ang Diyos ng pagdurusang hindi kailanman tiniis ng tao, at matagal nang nagtiis maging ng mas matinding

kahihiyan alang-alang sa tao. Ano pa ang hindi ninyo kayang bitawan? Ano pa ang mas mahalaga kaysa sa kalooban ng Diyos? Ano pa ang hihigit kaysa sa pagmamahal ng Diyos?

Hinango mula sa “Simple ba ang Gawain ng Diyos na Tulad ng Inaakala ng Tao?” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Nagagawa mo bang ipabatid ang disposisyong ipinahayag ng Diyos sa bawat kapanahunan sa isang kongkretong paraan, gamit ang wikang angkop na nagpapahayag ng kabuluhan ng kapanahunan? Ikaw ba, na nakakaranas ng gawain ng Diyos sa mga huling araw, ay may kakayahan na detalyadong ilarawan ang matuwid na disposisyon ng Diyos? Malinaw at tumpak ka bang makapagpapatotoo tungkol sa disposisyon ng Diyos? Paano mo ipapasa ang iyong nakita at naranasan sa mga taong nakakaawa, dukha, at tapat na relihiyosong mga mananampalataya na nagugutom at nauuhaw sa katuwiran at naghihintay sa iyo na akayin sila? Anong klaseng mga tao ang naghihintay sa iyo na akayin sila? Naiisip mo ba? Alam mo ba ang pasaning nasa iyong mga balikat, ang iyong tungkulin, at ang iyong responsibilidad? Nasaan ang iyong diwa ng makasaysayang misyon? Paano ka magsisilbi nang sapat bilang isang panginoon sa susunod na kapanahunan? Mayroon ka bang matinding diwa ng pagiging panginoon? Paano mo ipaliliwanag ang panginoon ng lahat ng bagay? Ito ba talaga ang panginoon ng lahat ng nabubuhay na nilalang at lahat ng pisikal na bagay sa mundo? Ano ang mga plano mo para sa pagsulong ng sumunod na yugto ng gawain? Ilang tao ang naghihintay sa iyo na maging pastol nila? Mabigat ba ang iyong gawain? Sila ay dukha, kaawa-awa, bulag, at nalilito, dumaraing sa kadiliman—nasaan ang daan? Lubha silang nananabik sa liwanag, tulad ng isang bulalakaw, upang biglang bumulusok at itaboy ang mga puwersa ng kadiliman na nang-api sa tao sa loob ng maraming taon. Sino ang makakaalam kung gaano sila sabik na umaasa, at gaano sila nananabik, araw at gabi, para dito? Kahit sa isang araw na nagdaraan ang kumikinang na liwanag, ang mga taong ito na labis na nagdurusa ay nananatiling nakakulong sa isang madilim na

piitan nang walang pag-asang mapalaya; kailan sila titigil sa pagluha? Grabe ang kasawian ng marurupok na espiritung ito na hindi kailanman napagkalooban ng kapahingahan, at matagal nang patuloy na nakatali sa kalagayang ito ng walang-awang mga gapos at malamig na kasaysayan. At sino na ang nakarinig sa ingay ng kanilang pagdaing? Sino na ang nakakita sa kanilang kaawa-awang kalagayan? Naisip mo na ba kung gaano kalungkot at kabalisa ang puso ng Diyos? Paano Niya matitiis na makita ang inosenteng sangkatauhan, na nilikha ng sarili Niyang mga kamay, na nagdaranas ng gayong paghihirap? Kunsabagay, ang sangkatauhan ang kapus-palad na mga biktimang nalason na. At bagama't nanatiling buhay ang tao hanggang sa araw na ito, sino ang makakaalam na matagal nang nalason ng masamang nilalang ang sangkatauhan? Nalimutan mo na ba na isa ka sa mga biktima? Hindi ka ba handang patuloy na mabuhay, dala ng iyong pagmamahal sa Diyos, upang iligtas ang mga taong ito? Hindi ka ba handang ilaan ang lahat ng iyong lakas upang suklian ang Diyos, na nagmamahal sa sangkatauhan na parang sarili Niyang laman at dugo? Kapag nasabi at nagawa na ang lahat, paano mo bibigyang-kahulugan ang pagkakasangkapan ng Diyos sa iyo upang maipamuhay mo ang iyong pambihirang buhay? Talaga bang mayroon kang matibay na pasiya at tiwala na ipamuhay ang makabuluhang buhay ng isang taong madasalin at mapaglingkod sa Diyos?

Hinango mula sa "Paano Mo Dapat Asikasuhin ang Misyon Mo sa Hinaharap?" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Naniniwala ka sa Diyos at sumusunod sa Kanya, kaya nga sa puso mo ay kailangan mong mahalin ang Diyos. Kailangan mong isantabi ang iyong tiwaling disposisyon, kailangan mong hangaring matupad ang naisin ng Diyos, at kailangan mong gampanan ang tungkulin ng isang nilalang ng Diyos. Dahil naniniwala at sumusunod ka sa Diyos, dapat mong ialay ang lahat sa Kanya, at hindi ka dapat gumawa ng mga personal na pagpili o paghingi, at dapat mong makamit ang katuparan ng naisin ng Diyos. Dahil ikaw ay nilikha, dapat mong sundin ang Panginoong lumikha sa iyo,

sapagkat ikaw ay likas na walang kapamahalaan sa iyong sarili, at walang kakayahang kontrolin ang sarili mong tadhana. Dahil isa kang taong naniniwala sa Diyos, dapat kang maghangad ng kabanalan at pagbabago. Dahil ikaw ay isang nilalang ng Diyos, dapat kang sumunod sa iyong tungkulin, at manatili sa iyong lugar, at huwag kang lumampas sa iyong tungkulin. Ito ay hindi upang pigilan ka, o supilin ka sa pamamagitan ng doktrina, kundi sa halip ay ang landas na makakatulong upang magampanan mo ang iyong tungkulin, at makakamit ito—at dapat makamit—ng lahat ng gumagawa ng katuwiran.

Hinango mula sa "Ang Tagumpay o Kabiguan ay Depende sa Landas na Tinatahak ng Tao" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kung ikaw ay tunay na nagtataglay ng konsiyensya, ikaw ay dapat mayroong pasanin, at pagkadama ng pananagutan. Dapat mong sabihin: "Ako man ay lulupigin o gagawing perpekto, dapat kong pasanin nang maayos ang hakbang na ito ng patotoo." Bilang isang nilikha ng Diyos, ang isa ay maaaring ganap na malupig ng Diyos, at sa huli, nagagawa niyang mapalugod ang Diyos, tinutumbasan ang pag-ibig ng Diyos ng pusong nagmamahal sa Diyos at sa ganap na paglalaan ng sarili sa Diyos. Ito ang pananagutan ng tao, ito ang tungkulin na dapat gampanan ng tao, at ang pasanin na dapat dalhin ng tao, at dapat matapos ng tao ang tagubilin na ito. Sa gayon lamang siya tunay na naniniwala sa Diyos. Sa kasalukuyan, ang ginagawa mo ba sa iglesia ay ang katuparan ng iyong pananagutan? Ito ay nakasalalay sa kung ikaw ay may pinapasan, at sa sarili mong kaalaman.

Hinango mula sa "Pagsasagawa (3)" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Sinasabi ng ilang tao: "Sinunod ko na ang Diyos sa loob ng maraming taon at tinamasa ang napakarami sa Kanyang mga biyaya, napakaraming pagpapala. Ako ay sumailalim na sa pagpipino at paghatol mula sa Kanyang mga salita. Kaya marami na akong naunawaan, at nakita ko na ang pag-ibig ng Diyos. Kailangan ko Siyang pasalamatan, kailangan kong suklian ang Kanyang biyaya. Bibigyan ko ng kaluguran ang Diyos sa

pamamagitan ng kamatayan, at ibabatay ko ang aking pag-ibig sa Kanya sa aking konsensya." Hindi madarama ng mga tao ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos kung makikinig lamang sila sa mga damdamin ng kanilang konsensya. Kung aasa lamang sila sa kanilang konsensya, ang pag-ibig nila sa Diyos ay magiging mahina. Kung magsasalita ka lamang tungkol sa pagsusukli sa biyaya at pag-ibig ng Diyos, hindi ka magkakaroon ng anumang pagpupursigi sa iyong pag-ibig sa Kanya; ang pag-ibig sa Kanya batay sa mga damdamin ng iyong konsensya ay isang balintiyak na pamamaraan. Bakit Ko sinasabi na isa iyong balintiyak na pamamaraan? Ito ay isang praktikal na usapin. Anong uri ng pag-ibig ang inyong pag-ibig sa Diyos? Hindi ba ito panlilinlang lamang sa Diyos at wala sa loob na paggawa para sa Kanya? Karamihan sa mga tao ay naniniwala na yamang walang gantimpala sa pag-ibig sa Diyos at ang isang tao ay kakastiguhin din naman sa hindi pag-ibig sa Kanya, kaya sa pangkalahatan, ang hindi pagkakasala lamang ay sapat na. Kaya ang pag-ibig sa Diyos at ang pagsukli sa Kanyang pag-ibig batay sa mga damdamin ng konsensya ng isang tao ay isang balintiyak na pamamaraan, at hindi ito pag-ibig sa Diyos na kusang nanggagaling mula sa puso ng isang tao. Ang pag-ibig sa Diyos ay dapat na isang tunay na damdamin mula sa kaibuturan ng puso ng isang tao. Sinasabi ng ilang tao: "Ako mismo ay nakahandang hanapin ang Diyos at sundin Siya. Ngayon, kahit gusto akong iwanan ng Diyos, susundin ko pa rin Siya. Gusto man Niya ako o hindi, iibigin ko pa rin Siya, at sa huli, kailangan ko Siyang makamit. Iniaalay ko ang aking puso sa Diyos, at anuman ang Kanyang gawin, susundin ko Siya sa aking buong buhay. Anuman ang mangyari, kailangan kong ibigin ang Diyos at kailangan ko Siyang makamit; hindi ako titigil hangga't hindi ko Siya nakakamit." Taglay mo ba ang ganitong uri ng paninindigan?

Ang landas ng paniniwala sa Diyos ay walang pinag-iba sa landas ng pag-ibig sa Kanya. Kung naniniwala ka sa Kanya kailangan mo Siyang ibigin; subalit, ang pag-ibig sa Kanya ay hindi lamang tumutukoy sa pagsukli sa Kanyang pag-ibig o pag-ibig sa Kanya batay sa mga damdamin ng iyong konsensya—ito ay isang dalisay na pag-ibig para sa Diyos.

Minsan, hindi nararamdaman ng mga tao ang pagmamahal ng Diyos batay sa kanilang konsensya lamang. Bakit ba palagi Kong sinabing: “Nawa’y antigin ng Espiritu ng Diyos ang ating mga espiritu”? Bakit hindi Ko binanggit ang pag-antig ng konsensya ng mga tao upang ibigin ang Diyos? Ito ay dahil hindi nadarama ng konsensya ng mga tao ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos. Kung ikaw ay hindi nakumbinsi ng mga salitang ito, subukan mong gamitin ang iyong konsensya upang damhin ang Kanyang pag-ibig. Maaaring bahagyang pursigido ka sa ngayon, ngunit maglalaho rin iyan agad. Kung nadarama mo lang ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos sa iyong konsensiya, magiging pursigido ka habang ikaw ay nananalangin, ngunit pagkatapos noon ay agad itong lilipas at maglalaho. Bakit ganoon? Kung ang ginagamit mo lamang ay ang iyong konsensya, hindi mo mapupukaw ang iyong pag-ibig para sa Diyos; kapag talagang nadarama mo ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos sa iyong puso, ang iyong espiritu ay aantigin Niya, at sa gayong pagkakataon lamang magagampanan ng iyong konsensya ang orihinal nitong papel. Na ang ibig sabihin, kapag inaantig ng Diyos ang espiritu ng tao at kapag may kaalaman ang tao at nahimok sa kanyang puso, iyon ay, kapag nagkamit na siya ng karanasan, saka lamang niya magagawang mabisang ibigin ang Diyos gamit ang kanyang konsensya. Ang pag-ibig sa Diyos gamit ang iyong konsensya ay hindi mali—ito ang pinakamababang antas ng pag-ibig sa Diyos. Ang pag-ibig sa pamamagitan ng “bahagyang pagbibigay lang ng hustisya sa biyaya ng Diyos” ay hindi talaga magtutulak sa taong masigasig na pumasok. Kapag natatamo ng mga tao ang kaunting gawain ng Banal na Espiritu, iyon ay, kapag nakikita at nararamdaman nila ang pag-ibig ng Diyos sa kanilang praktikal na karanasan, kapag mayroon silang kaunting kaalaman tungkol sa Diyos at tunay na nakikita na ang Diyos ay napakakarapat-dapat sa pag-ibig ng sangkatauhan at kung gaano Siya kaibig-ibig, saka lamang nila nagagawang ibigin nang tunay ang Diyos.

Hinango mula sa “Ang Tunay na Pag-ibig sa Diyos ay Kusa” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Gaano mo kamahal ang Diyos sa ngayon? At gaano ang iyong nalalaman tungkol sa lahat ng nagawa ng Diyos sa iyo? Ito ang mga bagay na dapat mong matutuhan. Kapag dumarating ang Diyos sa lupa, lahat ng Kanyang nagawa sa tao at itinulot na makita ng tao ay upang mahalin Siya ng tao at makilala Siya nang tunay. Na nagagawa ng tao na magdusa para sa Diyos at nagawang makarating nang ganito kalayo ay, sa isang banda, dahil sa pag-ibig ng Diyos, at sa isa pang banda, dahil sa pagliligtas ng Diyos; higit pa rito, dahil din ito sa paghatol at gawain ng pagkastigo na naisagawa ng Diyos sa tao. Kung kayo ay walang paghatol, pagkastigo, at mga pagsubok ng Diyos, at kung hindi pa kayo pinagdusa ng Diyos, sa totoo lamang, hindi ninyo tunay na minamahal ang Diyos. Habang mas lumalaki ang gawain ng Diyos sa tao, at habang mas tumitindi ang pagdurusa ng tao, mas maliwanag kung gaano kamakabuluhan ang gawain ng Diyos, at na mas nagagawa ng puso ng tao na tunay na mahalin ang Diyos. Paano mo natututuhan kung paano mahalin ang Diyos? Kung walang paghihirap at pagpipino, kung walang masasakit na pagsubok—at kung, bukod pa roon, ang tanging ibinigay ng Diyos sa tao ay biyaya, pag-ibig, at awa—magagawa mo ba talagang tunay na mahalin ang Diyos? Sa isang banda, sa panahon ng mga pagsubok ng Diyos nalalaman ng tao ang kanyang mga kakulangan at nakikita na siya ay walang kabuluhan, kasuklam-suklam, at mababa, na siya ay walang anuman, at walang halaga; sa kabilang dako, sa panahon ng Kanyang mga pagsubok gumagawa ang Diyos ng iba't ibang sitwasyon para sa tao kaya mas nararanasan ng tao ang pagiging kaibig-ibig ng Diyos. Bagama't ang pagdurusa ay matindi, at kung minsan ay hindi makayanan—hanggang sa antas ng nakapanlulumong pagdadalamhati—sa pagdanas nito, nakikita ng tao kung gaano kaibig-ibig ang gawain ng Diyos sa kanya, at sa pundasyong ito lamang nagkakaroon ang tao ng tunay na pagmamahal sa Diyos.

Hinango mula sa "Sa Pagdanas Lamang ng Masasakit na Pagsubok Mo Malalaman ang Pagiging Kaibig-ibig ng Diyos" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Ngayon ay dapat mo nang makita nang malinaw ang eksaktong landas na tinahak ni Pedro. Kung malinaw mong nakikita ang landas ni Pedro, makatitiyak ka sa gawaing ginagawa ngayon, para hindi ka magreklamo o magsawalang-kibo, o manabik sa anuman. Dapat mong maranasan ang pakiramdam ni Pedro sa panahong iyon: Labis siyang nalungkot; hindi na siya humiling ng kinabukasan o anumang mga pagpapala. Hindi siya naghangad na kumita, lumigaya, sumikat, o yumaman sa mundo; hinangad lamang niyang mamuhay ng pinaka-makabuluhang buhay, yaong masuklian ang pagmamahal ng Diyos at mailaan ang itinuring niyang pinakamahalaga sa Diyos. Sa gayon ay malulugod siya sa kanyang puso. Madalas siyang manalangin kay Jesus sa mga salitang: “Panginoong Jesucristo, minsan Kitang minahal, ngunit hindi Kita tunay na minahal. Bagama’t sinabi kong may pananampalataya ako sa Iyo, kailanma’y hindi Kita minahal nang taos-puso. Iginalang lamang Kita, sinamba Kita, at pinangulilahan Kita, ngunit hindi Kita minahal kailanman ni hindi ako talaga nagkaroon ng pananampalataya sa Iyo.” Palagi siyang nanalangin upang matibay siyang makapagpasiya, at palagi siyang nahikayat sa mga salita ni Jesus at naganyak siya mula sa mga iyon. Kalaunan, pagkaraan ng isang panahon ng karanasan, sinubok siya ni Jesus, na inuudyukan siyang manabik pang lalo sa Kanya. Sinabi niya: “Panginoong Jesucristo! Labis akong nangungulila sa Iyo, at nananabik akong masilayan Ka. Labis akong nagkukulang, at hindi ko matumbasan ang Iyong pagmamahal. Nagmamakaawa akong kunin Mo na ako kaagad. Kailan Mo ako kakailanganin? Kailan Mo ako kukunin? Kailan ko muling masisilayan ang Iyong mukha? Ayaw ko nang mabuhay sa katawang ito, upang patuloy na maging tiwali, ni hindi ko nais na maghimagsik pa. Handa akong ilaan sa Iyo ang lahat ng mayroon ako sa lalong madaling panahon, at ayaw kong palungkutin Ka pa.” Ganito siya nanalangin, ngunit hindi niya alam sa panahong ito kung ano ang gagawing perpekto ni Jesus sa kanya. Habang nahihirapan sa kanyang pagsubok, nagpakitang muli si Jesus sa kanya at sinabing: “Pedro, nais kong gawin kang perpekto, hanggang sa ikaw ay maging isang piraso ng bunga, na siyang bubuo sa Aking pagpeperpekto

sa iyo, at siyang ikasisiya Ko. Maaari ka bang tunay na magpatotoo para sa Akin? Nagawa mo ba ang ipinagagawa Ko sa iyo? Naisabuhay mo ba ang mga salitang nasambit Ko? Minsan mo Akong minahal, ngunit kahit minahal mo Ako, naisabuhay mo ba Ako? Ano ang nagawa mo para sa Akin? Kinikilala mo na hindi ka karapat-dapat sa Aking pagmamahal, ngunit ano ang nagawa mo para sa Akin?" Nakita ni Pedro na wala siyang nagawa para kay Jesus at naalala niya ang dating sumpa na ibibigay niya ang kanyang buhay sa Diyos. Kaya nga, hindi na siya nagreklamo, at ang kanyang mga panalangin mula noon ay mas bumuti pa. Nanalangin siya, sinasabing: "Panginoong Jesucristo! Minsan Kitang tinalikuran, at minsan Mo rin akong tinalikuran. Gumugol tayo ng panahon na magkahiwalay, at ng panahon na magkasama. Subalit minahal Mo ako nang higit sa lahat. Paulit-ulit akong naghimagsik laban sa Iyo at paulit-ulit Kitang pinagdalamhati. Paano ko malilimutan ang gayong mga bagay? Lagi kong isinasaisip at hindi ko kinalilimutan ang gawaing nagawa mo sa akin at ang naipagkatiwala Mo sa akin. Nagawa ko ang lahat ng makakaya ko para sa gawaing nagawa Mo sa akin. Alam Mo kung ano ang kaya kong gawin, at alam Mo rin kung anong papel ang kaya kong gampanan. Nais kong magpasakop sa Iyong mga pagsasaayos, at ilalaan ko sa Iyo ang lahat ng mayroon ako. Ikaw lamang ang nakakaalam kung ano ang kaya kong gawin para sa Iyo. Bagama't labis akong nilinlang ni Satanas at naghimagsik ako laban sa Iyo, naniniwala ako na hindi Mo ako inaalala sa mga paglabag na iyon at na hindi Mo ako tinatrato batay sa mga iyon. Nais kong ilaan ang buong buhay ko sa Iyo. Wala akong hinihiling, ni wala akong ibang mga inaasam o mga plano; nais ko lamang kumilos ayon sa Iyong layon at gawin ang Iyong kalooban. Iinom ako mula sa Iyong mapait na saro, at narito ako upang pag-utusan Mo."

Hinango mula sa "Paano Nakilala ni Pedro si Jesus" sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao

Kinakastigo at hinahatulan ng Diyos ang tao dahil kinakailangan ito ng Kanyang gawain, at, higit pa rito, dahil kailangan ito ng tao. Kailangan ng

tao na makastigo at mahatulan, at saka lamang niya makakamit ang pag-ibig sa Diyos. Sa ngayon, kayo ay lubos na kumbinsido, ngunit kapag kayo ay napaharap sa kahit napakaliit na pagsubok ay naguguluhan na kayo. Ang inyong tayog ay napakaliit pa rin, at kailangan pa rin ninyong makaranas ng higit pang pagkastigo at paghatol para matamo ang mas malalim na kaalaman. Ngayon, kayo ay may kaunting paggalang sa Diyos, at takot kayo sa Diyos, at batid ninyong Siya ang tunay na Diyos, ngunit wala kayong dakilang pag-ibig sa Kanya, lalong hindi pa ninyo natamo ang dalisay na pag-ibig, ang inyong kaalaman ay napakababaw, at ang inyong tayog ay hindi sapat. Kapag kayo ay tunay na nakaranas ng isang kapaligiran, hindi pa kayo nagiging saksi, napakaliit sa inyong pagpasok ang maagap, at wala kayong ideya kung paano magsagawa. Karamihan ng mga tao ay walang-pakialam at hindi-kumikilos. Iniibig lamang nila nang palihim ang Diyos sa kanilang mga puso, ngunit walang paraan ng pagsasagawa, at hindi malinaw kung ano ang kanilang mga layunin. Ang mga taong nagawang perpekto ay hindi lamang may normal na pagkatao, kundi nagtataglay ng mga katotohanang nakahihigit sa mga sukat ng konsensya, na mas mataas pa kaysa mga pamantayan ng konsensya. Hindi lamang nila ginagamit ang kanilang konsensya upang masuklian ang pag-ibig ng Diyos, ngunit, higit pa rito, nakilala nila ang Diyos, at nakita nila na ang Diyos ay kaibig-ibig, at karapat-dapat ibigin ng tao, at napakaraming bagay ang kaibig-ibig sa Diyos. Walang magagawa ang tao kundi ang ibigin Siya. Ang pag-ibig sa Diyos para sa mga nagawang perpekto ay upang matupad nila ang kanilang pansariling mga hangarin. Ang kanila ay pag-ibig na kusang-loob, isang pag-ibig na hindi humihiling ng kapalit, at hindi isang transaksyon. Iniibig nila ang Diyos dahil lamang sa kanilang pagkakilala sa Kanya at wala nang iba pa. Hindi iniisip ng mga taong ito kung pagkakalooban sila ng Diyos ng mga biyaya, dahil sapat na sa kanila ang mabigyang-kasiyahan ang Diyos. Hindi sila nakikipagtawaran sa Diyos, o kaya ay nagsusukat ng kanilang pag-ibig sa Diyos sa pamamagitan ng konsensya: “Nakapagbigay Ka sa akin, kaya iniibig din Kita. Kung hindi Ka nagbibigay sa akin, wala rin akong anumang

maibibigay na kapalit sa Iyo.” Ang mga nagawang perpekto ay laging naniniwala na: “Ang Diyos ang Lumikha, at isinasakatuparan Niya ang Kanyang gawain sa atin. Dahil ako ay may ganitong pagkakataon, kalagayan, at katangian upang gawing perpekto, ang pagsusumikapan kong makamit ay ang magkaroon ng isang makabuluhang buhay, at dapat na Siya ay aking mapasaya.”

Hinango mula sa “Ang mga Karanasan ni Pedro: Ang Kanyang Kaalaman sa Pagkastigo at Paghatol” sa Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao